تفسير معاني

القرآن الكريم

باللغة الفلبينية

Ang Maluwalhating

QUR'ÂN

Ang Kahulugan at Pagpapaliwanag

Isinalin sa Filipino ni

Abdullatif Eduardo M. Arceo

DARUSSALAM

Ang
Maluwalhating
QUR'AN
Ang Kahulugan at
Pagpapaliwanag

ALL RIGHTS RESERVED © جميع حقوق الطبع محفوظة

ⓒمكتبة دار السلام، ١٤٢٦هـ فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر

ادوارد، عبداللطيف

تفسير معاني القرآن الكريم./ عبداللطيف ادوارد. - الرياض، ١٤٢٦هـ

ص؛ ... سم

ردمك: ٨-٨٧-٧٣٢-٩٩٦٠ (النص باللغة الفلبينية)

١- القرآن - ترجمة - اللغة الفلبينية أ. العنوان

ديوي ٢٢١,٤٩ ١٤٢٦/٤٧٨٧

رقم الإيداع: ١٤٢٦/٤٧٨٧ ردمك: ٨-٨٧-٧٣٢-٩٩٦٠

HEAD OFFICE

P.O. Box: 22743, Riyadh 11416 K.S.A.Tel: 00966-01-4033962/4043432 Fax: 4021659

E-mail: riyadh@dar-us-salam.com, darussalam@awalnet.net.sa Website: www.dar-us-salam.com

K.S.A. Darussalam Showrooms:
Riyadh
Olaya branch: Tel 00966-1-4614483 Fax: 4644945
Malaz branch: Tel 4735220 Fax: 4735221

- **Jeddah**
  Tel: 00966-2-6879254 Fax: 6336270
  Madinah
  Tel: 00966-4-815-1121 Fax: 815 1121
- **Al-Khobar**
  Tel: 00966-3-8692900 Fax: 00966-3-8691551

U.A.E

- **Darussalam, Sharjah U.A.E**
  Tel: 00971-6-5632623 Fax: 5632624
  Sharjah@dar-us-salam.com

PAKISTAN

- **Darussalam,** 36 B Lower Mall, Lahore
  Tel: 0092-42-724 0024 Fax: 7354072
  Lahore@dar-us-salam.com
- Rahman Market, Ghazni Street
  Urdu Bazar Lahore
  Tel: 0092-42-7120054 Fax: 7320703

U.S.A

- **Darussalam, Houston**
  P.O Box: 79194 Tx 77279
  Tel: 001-713-722 0419 Fax: 001-713-722 0431
  E-mail: sales@dar-us-salam. Com.
- **Darussalam, New York** 186 Atlantic Ave, Brooklyn
  New York-11217, Tel: 001-718-625 5925
  Fax: 718-625 1511
  Email: newyork@dar-us-salam.com.

U.K

- **Darussalam International Publications Ltd.**
  Leyton Business Centre
  Unit - 17, Etloe Road, Leyton, London, E10 7BT
  Tel: 00 44 20 8539 4885 Fax: 00 44 20 8539 4889
  Mobile: 00 44 7947 306 706
- **Darussalam International Publications Limited**
  146 Park Road,
  London NW8 7RG Tel: 00 44 20 725 2246
- **Darussalam**
  398-400 Coventry Road, Small Heath
  Birmingham. B10 0UF
  Tel: 0121 77204792 Fax: 0121 772 4345
  E-mail: info@darussalamuk.com
  Web: www.darussalamuk.com

HONG KONG

- **Peacetech**
  A2, 4/F Tsim Sha Tsui Mansion
  83-87 Nathan Road Tsimsbatsui
  Kowloon, Hong Kong
  Tel: 00852 2369 2722 Fax: 00852 2369 2944
  Mobile: 00852 97123624

MALAYSIA

Darussalam International Publications Ltd.
No.109 A Jalan SS 21/A, Damansara Utama
47400, Petaling Jaya, Selangor, Malaysia
Tel: 00603 7710 9750 Fax: 603 7710 0749

FRANCE

- Editions & Librairie Essalam
  135, Bd de Ménilmontant- 75011 Paris
  Tél: 0033-01- 43 38 19 56/ 44 83
  Fax: 0033-01- 43 57 44 31
  E-mail: essalam@wanadoo.FR

AUSTRALIA

- ICIS: Ground Floor 165-171, Haldon St.
  Lakemba NSW 2195, Australia
  Tel: 00612 9758 4040 Fax: 9758 4030

SINGAPORE

- Muslim Converts Association of Singapore
  32 Onan Road The Galaxy Singapore- 424484
  Tel: 0065-440 6924, 348 8344
  Fax: 440 6724

SRI LANKA

- Darul Kitab 6, Nimal Road, Colombo-4
  Tel: 0094-1-589 038 Fax: 0094-74 722433

KUWAIT

- Islam Presentation Committee
  Enlightenment Book Shop
  P.O. Box: 1613, Safat 13017 Kuwait
  Tel: 00965-244 7526, Fax: 240 0057

SOUTH AFRICA

- Islamic Da`wah Movement (IDM)
  48009 Qualbert 4078 Durban,South Africa
  Tel: 0027-31-304-6883
  Fax: 0027-31-305-1292
  E-mail: idm@ion.co.za

تَفْسِيرُ مَعَانِي

القُرْآنِ الكَرِيمِ

بِاللُّغَةِ الفِلِبِينِيَّةِ

Ang Maluwalhating QUR'AN

Ang Kahulugan at Pagpapaliwanag

Isinalin sa Filipino ni

Abdullatif Eduardo M. Arceo

Iwinasto ni

Monib M. Sarangani

DARUSSALAM

Tagapaglimbag at Tagapamahagi

Riyadh, Saudi Arabia

Mga Nilalaman

PAUNANG SALITA ..... a
ANG SINASABI NILA TUNGKOL SA QUR'AN c
Surah 1. Al-Fatihah (Ang Panimula) 1
Surah 2. Al-Baqarah (Ang Baka) 3
Surah 3. Al-Imran (Ang Pamilya ni Imran) 73
Surah 4. An-Nissa (Ang Kababaihan) 112
Surah 5. Al-Ma'idah (Ang Dulang) 154
Surah 6. Al-An'am (Ang Bakahan) 186
Surah 7. Al-Araf (Ang Dingding na Nakataas sa Pagitan ng Paraiso at Impiyerno) 219
Surah 8. Al-Anfal (Ang Mga Napanalunan sa Digmaan) 258
Surah 9. At-Taubah (Ang Pagtitika sa Kasalanan) 273
Surah 10 Yunus(Propeta Jonas) 302
Surah 11 Hud (Propeta Hud) 322
Surah 12. Yusuf (Propeta Hosep) 343
Surah 13. Ar-Ra'd (Ang Kidlat) 362
Surah 14. Ibrahim (Propeta Abraham) 371
Surah 15. Al-Hijr (Ang Mabatong Daan) 381
Surah 16. An-Nahl (Ang Bubuyog) 390
Surah 17. Al-Isra (Ang Gabing Paglalakbay) 411
Surah 18 Al-Kahf (Ang Yungib) 429
Surah 19 Mariam (Maria) 446
Surah 20. Ta Ha (Mga Titik Ta at Ha) 458
Surah 21. Al-Anbiyā' (Ang Mga Propeta) 474
Surah 22. Al-Hajj (Ang Pilgrimahe) 488
Surah 23. Al-Mu'minun (Ang Mga Sumasampalataya) 501
Surah 24. An-Nur (Ang Liwanag) 512
Surah 25. Al-Furqan (Ang Pamantayan) 525
Surah 26. Ash-Shu'ara (Ang Mga Makata) 535
Surah 27. An-Naml (Ang Mga Langgam) 551
Surah 28. Al-Qasas (Ang Salaysay) 563

Surah 29. Al-Ankabut (Ang Gagamba) 579
Surah 30. Ar-Rum (Ang Mga Romano) 591
Surah 31. Luqman (Propeta Lugman) 601
Surah 32. As-Sajda (Ang Pangangayupapa o Pagpapatirapa) 607
Surah 33. Al-Ahzab (Ang Magkakaanib) 612
Surah 34. Saba (Sheba) 626
Surah 35. Fatir o Malaikah (Ang Nagsimula ng Paglikha o Mga Anghel) 636
Surah 36. Ya Seen (Mga Titik Ya at Sa) 645
Surah 37. As-Saffat (Ang Nahahanay sa Antas) 654
Surah 38. Sad (Ang Titik Sa) 667
Surah 39. Az-Zumar (Ang Mga Pangkat) 676
Surah 40. Ghafir o Al-Mu'min (Ang Nagpapatawad o Ang Sumasampalataya) 689
Surah 41. Fussilat (Ang Ipinaliwanag) 703
Surah 42. Ash-Shura (Ang Pagsasanggunian) 712
Surah 43. Az-Zukhruf (Mga Palamuting Ginto) 722
Surah 44. Ad-Dukhan (Ang Usok) 733
Surah 45. Al-Jathiyah (Ang Pagluhod) 739
Surah 46. Al-Ahqaf (Ang Liku-likong Landas) 745
Surah 47. Muhammad (Propeta Muhammad) 752
Surah 48. Al-Fath (Ang Tagumpay) 759
Surah 49. Al-Hujurat (Ang Mga Nagigitnang Silid) 765
Surah 50. Al-Qaf (Ang Titik Q) 769
Surah 51. Az-Zariyat (Ang Hangin na Nagsisipangalat) 774
Surah 52. At-Tur (Ang Bundok) 779
Surah 53. An-Najim (Ang Bituin) 784
Surah 54. Al-Qamar (Ang Buwan) 789
Surah 55. Ar-Rahman (Ang Pinakamahabagin) 794
Surah 56. Al-Waqi'a (Ang Pangyayari) 800
Surah 57. Al-Hadid (Ang Bakal) 807
Surah 58. Al-Mujadilah (Ang Babae na Nagsusumamo) 813
Surah 59. Al-Hashr (Ang Pagtitipon) 818
Surah 60. Al-Mumtahanah (Ang Babae na Susuriin) 823

Surah 61. As-Saff (Ang Mga Moog ng Digmaan) 827
Surah 62. Al-Jumu'ah (Biyernes) 830
Surah 63. Al-Munafiqun (Ang Mga Mapagkunwari) 832
Surah 64. At-Taghabun (Ang Pagkalugi at Pakinabang sa Isa't Isa) 834
Surah 65. At-Talaq (Ang Diborsyo o Paghihiwalay) 837
Surah 66. At-Tahrim (Ang Pagbabawal) 840
Surah 67. Al-Mulk (Ang Paghahari sa Kapamahalaan) 843
Surah 68. Al-Qalam (Ang Panulat) 847
Surah 69. Al-Haqqah (Ang Tiyak na Kaganapan) 852
Surah 70. Al-Ma'arij (Ang Mga Daan Ng Pag-akyat) 856
Surah 71. Nuh (Propeta Noah) 859
Surah 72. Al-Jinn (Ang Jinn) 862
Surah 73. Al-Muzzammil (Siya na Nababalutan ng Kasuutan) 866
Surah 74. Al-Muddaththir (Siya Na Nababalutan) 869
Surah 75. Al-Qiyamah (Ang Muling Pagkabuhay) 873
Surah 76. Al-Insan (Ang Panahon o Tao) 876
Surah 77. Al-Mursalat (Silang Mga Isinugo) 879
Surah 78. An-Naba (Ang Malaking Balita) 883
Surah 79. An-Nazi'at (Ang Mga Bumabatak) 886
Surah 80. 'Abasa (Ang Kumunot) 890
Surah 81. At-Takwir (Ang Pagtiklop) 893
Surah 82. Al-Infitar (Ang Pagkalansag) 895
Surah 83. Al-Mutaffifin (Ang Mga Mandaraya) 897
Surah 84. Al-Inshiqaq (Ang Lansag-lansag na Pagkahati) 900
Surah 85. Al-Buruj (Ang Malalaking Pangkat Ng Mga Bituin) 902
Surah 86. At-Tariq (Ang Panggabing Panauhin) 904
Surah 87. Al-Ala (Ang Kataas-taasan) 905
Surah 88. Al-Ghashiyah (Ang Kasindak-sindak Na Sandali) 907
Surah 89. Al-Fajr (Ang Bukang Liwayway) 909
Surah 90. Al-Balad (Ang Lungsod) 911
Surah 91. Ash-Shams (Ang Araw) 913
Surah 92. Al-Lail (Ang Gabi) 914
Surah 93. Adh-Dhuha (Bago Tumanghali) 916

Surah 94. Ash-Sharh (Ang Kaginhawahan) 917
Surah 95. At-Tin (Ang Igos) 918
Surah 96. Al-Alaq (Ang Namuong Dugo) 919
Surah 97. Al-Qadr (Ang Gabi Ng Al-Qadr [Kapasiyahan]) 921
Surah 98. Al-Baiyinah (Ang Malinaw na Katibayan) 922
Surah 99. Az-Zalzalah (Ang Lindol) 924
Surah 100. Al-Adiyat (Silang Mga Tumatakbo) 925
Surah 101. Al-Qariah Ang Huling Oras 926
Surah 102. At-Takathur (Ang Pagtitipon Ng Mga Makamundong Bagay) 927
Surah 103. Al-Asr (Ang Panahon) 928
Surah 104. Al-Humazah (Ang Makakating Dila) 929
Surah 105. Al-Fil (Ang Elepante) 930
Surah 106. Quraish (Ang Quraish) 931
Surah 107. Al-Ma'un (Ang Maliit Na Kabutihan) 932
Surah 108. Al-Kauthar Ang Ilog sa Paraiso 933
Surah 109. Al-Kafirun (Ang Mga Nagtatakwil Sa Pananampalataya) ... 934
Surah 110. An-Nasr (Ang Pagkalinga) 935
Surah 111. Al-Masad (Ang Himaymay Ng Palmera) 936
Surah 112. Al-Ikhlas (Ang Kadalisayan) 937
Surah 113. Al-Falaq (Ang Bukang Liwayway) 938
Surah 114. An-Naas (Ang Sangkatauhan) 939

PAUNANG SALITA

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

Luwalhatiin si Allah, ang Tagapagtaguyod at Tagapagtangkilik ng lahat ng mga nilalang!

Nawa'y ang kapayapaan at pagpapala ay mapasa-kay Propeta Muhammad, ang Sagka sa kawing ng lahat ng mga Propeta. Nawa'y ang kapayapaan at pagpapala ay mapasa-kanya, sa kanyang pamilya at sa lahat ng kanyang mga Kasamahan.

Ang banal na Aklat o ang huling testamento na ipinada ni Allah sa buong sangkatauhan sa pamamagitan ng panghuling Propetang si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) na isinugo ni Allah para sa buong sangkatauhan ay tinatawag na Maluwalhating Qur'an o Banal na Qur'an. Ang Qu'ran ay nagmula sa salitang ugat ng wikang Arabik na *"qara'a"* na ang ibig sabihin ay "Binasa, Ipinagsaysay, Ipinagbadya o Ipinahayag" at ang Qur'an ay nangangahulugan ng "Binabasa, Ipinagsasaysay, Ipinagbabadya o Ipinapahayag". Sa Aklat na ito, ang pangalang Qur'an ay binanggit ni Allah nang higit sa limampung ulit. Ito lamang ang tanging Aklat sa buong sandaigdigan na binabasa o dinadalit sa panalangin araw-araw sa loob ng 24 na oras. Ang Qu'ran ay ipinahayag ni Allah sa wikang Arabik mayroon nang 1,426 taon ang nakalilipas at magpasahanggang sa ngayon ito ay nananatiling buo at hindi nasisira sa kanyang orihinal na rebelasyon. Sa sinumang nakakaunawa ng wikang Arabik, ito ay magaan sa kanya na maintindihan ang kahulugan ng Qur'an, datapuwa't sa mga hindi nakakaunawa ng wikang ito, isang malaking sagabal na hindi nila makamit ang karunungan na ibinabahagi nito sa buong sangkatauhan.

Ang pagsasalin sa wikang Filipino ay hindi nangangahulugan na ito ay isang pamalit sa orihinal na Qur'an sa wikang Arabik. Sa katotohanan, ayon na rin sa mga dakilang pantas at mag-aaral ng Qur'an, ito ay hindi maaaring maisalin, alalaong baga, hindi isang katampatan na ang salin ng Qur'an sa iba't ibang wika ay ihalintulad o ipantay sa orihinal nito. Ang pagsasalin sa ibang wika ay isang tangka lamang na maiparating sa mga hindi nagsasalita ng wikang Arabik ang kahulugan at aral ng Qur'an at hindi nalalayon na palitan ito. Tunay namang hindi madali na makapagtanghal ng tunay na salin ng Qur'an maging sa anupamang wika. Ang iba't ibang salin ng Qur'an sa ngayon sa maraming wika, kahit na nga ito ay ginawa nang masusi at nang buong pagsisikhay ng may katapatan at kaalaman ay hindi maaaring maituring na Qur'an. Ang indayog nang pagbasa ng Qur'an sa kanyang orihinal na Arabik, ang pagkakatugma ng kanyang mga saknong, ang mayaman nitong wika, ang hindi mapapantayang pagdalit nito, ang madamdaming pahayag nito na nanunuot sa kaibuturan ng puso at tumitimo sa damdamin ng sinumang nakakapakinig ay hindi kailanman magbibigay ng pag-asa na ang mga ito ay mapapanatili kung ito ay isasalin sa ibang wika. Tunay na malaki

ang nawawala sa kabuuan ng Qur'an sa anumang pagsasalin.

Ang Arabik ay hindi lamang wika ng mga Arabe (Arabo). Ito ang wika ng Islam at ng mga Muslim. Kung mayroon mang salin ng Qur'an sa iba't ibang wika sa ngayon na mapag-aaralan ng mga Muslim gayundin ng mga di Muslim, ito ay bilang panimula o tulong o isang paraan upang maunawaan ang Qur'an sa pasimula ng pag-aaral. Ang isang Muslim ay hindi marapat na makuntento o masiyahan na lamang sa pagbasa ng Qur'an sa saling-wika, datapuwa't isang katungkulan sa kanya na mag-aral ng Arabik upang kanyang mabasa ang huling rebelasyon ni Allah sa kanyang orihinal na kapahayagan. Ang Qur'an ay isang tunay na pinakamalaking himala noong pa mang panahong sinauna hanggang sa makabagong panahon na patuloy nating nakikita, nahihipo, nababasa, naririnig at mapapanaligan, at magpapatuloy hanggang sa katapusan ng santinakpan.

Sa aking layunin na maipahayag ang nilalaman ng Qur'an sa ating mga kababayan na hindi ganap na nakakaunawa ng wikang Inglis o walang kaalaman sa wikang Inglis, maliban pa nga sa Arabik, datapuwa't nakakaunawa ng wikang Filipino (na ang 95% nito ay Tagalog) na siya nating pambansang wika, aking pinagsikhayan na makapagsalin ng Qur'an sa wikang Filipino. Ang naging gabay ko sa aking pagsasalin ay ang narebisang salin ng Qur'an sa wikang Inglis na sinulat ni Abdullah Yusuf Ali at ng magkatuwang na Dr. Muhammad Taqi-ud-Din Al-Hilali at Dr. Muhammad Muhsin Khan, kasama na rito ang aking pagdulog, pagsangguni at pakikipagtulungan sa mga kapatid kong Muslim na ang inang wika ay Arabik, gayundin ang aking mga kapatid na Muslim sa Mindanao na nakapag-aral ng wikang Arabik lalung-lalo na kay Kapatid na Monib M. Sarangani. Bagama't aking ibinuhos ang lahat kong pagsisikhay upang mailahad sa pinakamainam na paraan ang saling ito sa wikang Filipino, magkagayunman, sakaling dumating sa aking mambabasa ang sandali ng anumang kalabuan, ibang pagkaunawa o maling pakahulugan, ang orihinal na teksto sa wikang Arabik ang pangwakas at mananaig.

Ipinagbubunyi ko ang mga papuri at pagluwalhati kay Allah dahilan sa Kanyang Kaloob at Pagpapala na maisakatuparan ko ang mithiing ito upang ito ay makatulong sa ating kapatid na Muslim gayundin sa mga di Muslim na naghahanap ng katotohanan at sa kanila na wala pang kaalaman tungkol sa Islam.

Aking inaasahan na sana'y nakapag-ambag ako kahit na maliit na kaalaman tungo sa pagkaunawa at patnubay sa Islam. Ang lahat ng ito ay dahil sa aking pagmamahal kay Allah, at si Allah lamang ang nagkakaloob ng tagumpay at namamatnubay sa Tuwid na Landas.

Abdullatif Eduardo Arceo

Riyadh, Saudi Arabia

1 Jumada II 1426 (6 Agosto 2005)

ANG SINASABI NILA TUNGKOL SA QUR'AN

Ang sangkatauhan ay tumanggap ng Banal na Patnubay sa pamamagitan lamang ng dalawang paraan: una, ang salita ni Allah; pangalawa, sa mga Propeta na Kanyang sinugo upang maiparating ang Kanyang kautusan para sa mga tao. Ang dalawang bagay na ito ay lagi nang nananatili na magkasama at ang pagsisikhay na mapag-alaman ang mga kagustuhan ni Allah sa pamamagitan ng pagtalikdan sa isa man sa dalawang yaon ay lalagi nang magbibigay ng kalisyaan. Ang mga Hindu ay tumalikdan sa kanilang mga propeta at nag-ukol ng lahat ng panahon sa kanilang mga kasulatan na nagpatunay lamang bilang isang salitang dugtungan na sa kalaunan ay nawala. Katulad din naman ng mga Kristiyano, sa kanilang ganap na di pagbibigay pansin sa aklat ni Allah, ay nag-ukol ng lahat ng pagpapahalaga kay Kristo at hindi lamang nagtaas sa kanya sa pagka-Diyos bagkus ay kinalimutan na rin ang pinakabuod ng Tawheed (Kaisahan ng Diyos) na napapaloob sa Biblia.

Bilang isang bagay ng katotohanan, ang mga pangunahing kasulatan na ipinahayag nang una sa Qur'an, ang Torah at Ebanghelyo, ay lumitaw lamang sa anyong aklat pagkatapos nang mahabang panahon ng mga Propeta at iyon rin ay salin lamang. Ito'y sapagkat ang mga tagasunod ni Moises at Hesus ay hindi nagsagawa ng malawakang pagsisikhay na mapanatili ang mga kapahayagang ito sa panahon ng pamumuhay ng kanilang mga Propeta. Bagkus, ito ay naisulat pagkaraan ng mahabang panahon ng kanilang kamatayan. Dahil dito, ang nasasaatin ngayon na anyo ng Biblia (ang Luma at Bagong Tipan) ay mga salin na lamang ng bawat isa ayon sa pagkakatanda nila ng orihinal na kapahayagan na nagtataglay ng mga karagdagan at mga kakulangan na isinagawa ng mga tagasunod ng nabanggit na mga Propeta. Taliwas doon, ang huling ipinahayag na Aklat, ang Qur'an, ay nananatili magpahanggang ngayon sa kanyang orihinal na anyo. Si Allah na rin ang nagpatibay sa kapanatilihan nito at dahil dito ang buong nilalaman ng Qur'an ay naitala sa panahon na rin ng pamumuhay ng Propetang si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) maging iyon man ay sa magkakahiwalay na dahon ng palmera, sa mga balat ng hayop, mga buto, atbp. Bukod pa rito ay mayroong sampung libo sa mga kasamahan ng Propeta ang nakapagsa-ulo ng buong Qur'an at ang Propeta na rin ay lagi nang nagsasalaysay niyaon sa Anghel na si Gabriel minsan sa isang taon at makalawa sa isang taon nang malapit na siyang mamatay. Pagkatapos noon, ang unang Kalifang si Abu Bakr ay nagkatiwala ng buong katipunan ng Qur'an sa isang aklat sa tagasulat ng Propeta na si Zaid Ibn Thabit. Ang aklat na ito ay nasa pag-iingat ni Abu Bakr hanggang sa kanyang kamatayan. Pagkatapos nito; ito ay napasakamay ng pangalawang Kalifang si Umar at pagkatapos niya ay napasakamay ni Hafsa,

ang asawa ng Propeta. Mula sa orihinal na kopyang ito, ang pangatlong Kalifang si Uthman ay nagsagawa ng maramihang kopya na ipinadala niya sa iba't-ibang lugar ng mga Muslim.

Ang Qur'an ay masusi at maingat na napanatili sapagkat ito ang magiging Aklat ng Patnubay sa buong sangkatauhan sa mga panahong darating. Dahil dito, ito'y hindi lamang nagpapahayag sa mga Arabe na kung saan ang kanilang wika ay ginagamit sa mga pahayag. Ito'y nagbabadya sa tao bilang isang katauhan.

"Oh Tao! Ano ang nagligaw sa inyo, sa inyong Panginoon." Ang kaangkupan ng mga aral ng Qur'an ay naisagawa sa pamamagitan ng mga halimbawa ni Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) at ng mga mabubuting Muslim sa lahat ng panahon. Ang natatanging panawagan ng Qur'an ay dahilan sa ang kanyang tagubilin ay nalalayon tungo sa pangkalahatang kagalingan ng tao at nababatay sa lahat ng mga pagkakataon sa abot ng kanyang kakayahan. Sa lahat ng kanyang sukatan, ang karununganng pang-Qur'an ay pangwakas. Ito'y hindi nagtatakwil o sumusugat sa laman at hindi rin naman nagpapabaya sa kaluluwa. Ito'y hindi nagbibigay-anyo ng tao sa Diyos at di rin naman nagtataas sa tao bilang Diyos. Ang lahat ay maingat na isinaayos kung saan sila kabilang sa pangkalahatang plano ng paglikha.

Sa katunayan, ang mga iskolar na nagpaparatang na si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ang sumulat ng Qur'an ay nag-aangkin ng isang bagay na lubhang di kapani-paniwala sa tao. Mayroon ba kayang isang tao sa panahon ng ika-anim na siglo C.E., ang makapagsasabi ng mga pang-agham na katotohanan na siyang nilalaman ng Qur'an? Makapagpapaliwanag kaya siya tungkol sa ebolusyon ng pagkabuo ng sanggol sa sinapupunan ng buong katumpakan na gaya ng natutunghayan natin sa makabagong agham?

Pangalawa, may katuwiran kaya ang maniwala na si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan), na hanggang sa gulang na apatnapu ay nakikilala lamang sa kanyang katapatan at karangalan, ay di kaginsa-ginsa ay nagpasimulang sumulat ng Aklat na walang makakatulad sa karangalang pangliteratura at sa katumbas noon kung saan ang buong pulutong ng mga manunulat at mananalumpating Arabe na may mataas na antas ay hindi makagawa noon? At panghuli, makatuwiran kaya na sabihin na si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) na kilala bilang AL-AMEEN (Ang Mapagkakatiwalaan) sa kanyang lipunan at kinalulugdan din ng mga di-Muslim na iskolar dahilan sa kanyang katapatan at karangalan ay dumating na may taglay na huwad na kaangkinan at dahil sa ganoong panghuhuwad ay makapagtuturo sa libong tao ng mabuting pag-uugali, karangalan at katapatan, at nakagawang makapagtatag ng pinakamabuting lipunan ng tao sa ibabaw ng mundo?

Walang duda, ang sinumang matapat at walang kinikilingan na humahanap ng katotohanan ay darating sa panahon ng paniniwala na ang Qur'an ay siyang

ipinahayag na Aklat ni Allah.

Hindi man ganap ang aming pagsang-ayon sa lahat ng kanilang mga sinasabi, inilathala namin dito ang ilan sa mahahalagang kuru-kuro ng mga di-Muslim na iskolar tungkol sa Qur'an. Ang madlang mambabasa ay mabilis na makamamalas kung paano ang makabagong mundo ay patungo na at papalapit sa katotohanan tungkol sa Qur'an. Kami'y nag-aanyaya sa lahat ng mga iskolar na may bukas na kaisipan na pag-aralan ang Qur'an sa liwanag ng mga nabanggit na puntos. Naniniwala kami na ang pagtatangka sa isa man sa mga yaon ay makapanghihikayat sa mambabasa na ang Qur'an ay di mangyayaring maisulat ng kahit sinumang tao.

Gaano man kadalas na tunghayan namin ito (ang Qur'an), sa pasimula ay nababagot kaming muli, hindi nagtatagal ito'y nakapanghihikayat, nakapamamangha, at sa huli ay humahatak ng aming mataas na paggalang at pagkagiliw. Ang kanyang istilo, ayon sa kanyang mga nilalaman at layunin ay masigid, kamangha-mangha, lagi na at tunay na mataas. Kaya nga't ang aklat na ito ay magpapatuloy sa pagsasagawa sa lahat ng panahon ng mabisang panghihikayat.

- Goethe. Sinipi mula sa 'Diksiyonaryo ng Islam' ni T.P. Hughes, p. 526.

Ang Qur'an ay walang dudang naghahawak ng mahalagang katayuan sa bunton ng mga mataas na aklat na pangrelihiyon ng daigdig. Bagama't ito ang pinakabata sa mga gawang pangkarunungan na nabibilang sa ganitong uri ng panitikan, ito ay nagbunga sa sinupaman sa kagila-gilalas na bisa na naisagawa nito sa malaking katipunan ng tao. Ito ay lumikha hindi lamang ng lahat kundi ng bagong larawan ng isipan ng tao at ng bagong uri ng pag-uugali. Sa simula, ito'y nagpabago sa marami at sa iba't ibang tribu ng disyerto sa lupain ng Arabia tungo sa pagiging bansa ng mga bayani, at saka nagpatuloy na lumikha ng malawak na samahang pampulitika't pangrelihiyon ng daigdig ng Muhammadanismo na isa sa mga mataas na lakas na maibibilang sa ngayon ng Europa at Silangan.

- G. Margoliouth. Pambungad sa 'Ang Qur'an' ni J.M. Rodwell, New York: Everyman's Library, 1977, p. VII.

Isang gawa, noon, nagbibigay-hatid sa makapangyarihan at di matutularang emosyon kahit na sa malayong mambabasa, malayo ayon sa panahon, at higit pa sa pag-unlad ng isipan, isang gawa na hindi lamang lumulupig sa pagtanggi sa sandaling kanyang masimulan ang matamang pagbabasa, bagkus ay nakapagpapabago sa tumututol na kalooban tungo sa pagkamangha at pagkagiliw, ang ganitong gawa ay tunay na kahanga-hangang produksiyon ng isipan ng tao at isang suliranin ng mataas na pagnanasa sa bawat matapat na tagapagmasid ng mga kahihinatnan ng sangkatauhan.

- Dr. Steingass, sinipi mula sa 'Diksiyonaryo ng Islam' ni T.P. Hughes, p. 526-527.

Ang nabanggit na pagmamasid ay maggagawad ng nauunang pag-aakala na hindi makatuwiran sa mga nakamamalas na si Muhammad ang may akda ng Qur'an. Paanong ang isang tao, mula sa pagiging mangmang, ay mangyayaring maging isang mahalagang may akda, sa turing ng pampanitikang dangal, sa kabuuan ng pampanitikang Arabik. Paano siyang makapagbabadya ng katotohanang pang-agham sa panahong yaon na walang sinumang tao ang maaaring makagawa noon, at sa lahat ng ito ay wala minsan mang pinakamaliit na pagkakamali sa pagsasaysay niya ng ganitong talakayin.

- Maurice Bucaille, 'Ang Biblia, Ang Qur'an at Agham', 1978, p. 125.

Dito, samakatuwid, ang dangal nito bilang likhang pampanitikan ay hindi marapat marahil na sukatin sa pamamagitan ng mga nabubuong haka-hakang sawikain ng pagpapahayag ng katauhan o kagandahan, kundi sa pamamagitan ng bisa na nalikha nito sa mga kababata at kababayan ni Muhammad. Kung ito ma'y nagsasaysay ng may kalakasan at panghihikayat sa puso ng kanyang mga tagapakinig upang mapag-ugnay sa panahong ito ang napapatabi at nagkakasalungatang mga sangkap sa pagiging isang ganap at buo at maayos na katawan, na pinasisigla ng mga kaisipang tunay na malayo sa isipang Arabe na magpahanggang sa ngayon ay nakapamamayani, sa gayon ang kanyang pangungusap ay tandisang ganap, dahil na rin sa pagkakalikha nito ng makataong bansa mula sa malupit na mga tribu, at nagbigay ng bagong himaymay sa lumang gisi ng kasaysayan.

- Dr. Steingass, sinipi mula sa 'Diksiyonaryo ng Islam', p. 528

Sa pagsasagawa ng pangkasalukuyang pagtatangka na mapag-ibayo ang pagganap sa tungkulin ng aking mga nangaunang angkan, ang makapagpalabas ng isang bagay na maaaring matanggap na kahalintulad ng mataos na pagbigkas ng Qur'an sa Arabik maging iyon man ay kulang sa kasiglahan, ako'y nagbuhos ng masusing panahon upang pag-aralan ang maselan at mayamang indayog na magkakaiba, na bukod sa kanyang mga mensahe ay siyang nagbibigay sa Qur'an ng di mapapasubaliang kakanyahan bilang isa sa mga may pinakamataas na antas na likhang pampanitikan ng sangkatauhan. Ang kanyang katangi-tanging kataglayan - 'ang kanyang di matutularang kaakmaan ng indayog' ayon sa pagkakalahad ng sumasampalatayang si Pickthall sa kanyang banal na Aklat, 'na ang pinakatunog noon ay nagdudulot sa mga tao upang mapaluha at makadama ng walang kahulilip na kaligayahan' - ay di binigyang pansin ng halos lahat ng mga nangaunang nagsalin nito sa ibang wika, ito samakatuwid ay hindi kataka-taka na ang kanilang mga ginawa ay mahina at walang kasiglahan kung tunay na ihahalintulad sa mainam na nagagayakang orihinal.

- Arthur J. Aberry, 'Ang Paliwanag sa Qur'an', London: Oxford University Press, 1964, p. X.

Ang ganap at makabuluhang pagsusuri nito (ang Qur'an), sa liwanag ng makabagong kaalaman, ay naghahantong sa atin upang kilalanin ang pagsasang-

ayunan ng dalawang ito, na binigyan pansin sa maraming ulit na mga pagkakataon. Ito'y nakapagpasiya sa amin na tunay ngang di malilirip na ang tao sa panahon ni Muhammad ay makapag-aakda ng gayong mga pangungusap, sa antas ng karunungan ng tao sa kanyang panahon. Ang gayong mga katuturan ay siyang bahagi na nagbigay sa mga kapahayagan ng Qur'an ng natatanging lugar, at nagtulak sa walang kinikilingang siyentipiko ng kanyang pag-amin na gahol ang kanyang kakayahan upang makapagbigay ng paliwanag na nababatay lamang sa materyal na pangangatuwiran.

- Maurice Bucaile, 'Ang Qur'an at Makabagong Agham', 1981, p. 18.

Surah 1

Surat Al-Fatihah
(Ang Panimula)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ ﴿١﴾

1. Sa Ngalan ni **Allah**[1] , ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain.

ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٢﴾

2. Ang lahat ng kaluwalhatian at pagpupuri ay kay Allah, ang *Rabb* (Panginoon, Tagapanustos at Tagapagtangkilik) ng lahat ng mga nilalang.

ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ ﴿٣﴾

3. Ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain.

مَٰلِكِ يَوْمِ ٱلدِّينِ ﴿٤﴾

4. Ang tanging may Hawak (o Pagpapasya) sa Araw ng Paghatol.

---

[1] Allah, ang personal o pansariling pangalan ng Dakilang Diyos. Si Allah ay hindi lamang Diyos ng mga Muslim bagkus Siya ang Tangi at Nag-iisang Diyos ng lahat ng mga nilalang sa buong santinakpan. Siya ay tinatawag na Eloha sa Hebreo, ang wika ni Propeta Moises (sumakanya nawa ang kapayapaan) at Elli sa Aramaik, ang wika ni Propeta Hesus (sumakanya nawa ang kapayapaan). Ang salitang Allah ay wikang Arabik. Sapagkat ang Hebreo, Aramaik at Arabik ay magkakapatid na wika, ito ay nangangahulugan lamang na ang Eloha, Elli at Allah ay isa at magkakatulad. Bagama't ang salitang Allah ay isinasalin (sa wikang Filipino) na Diyos o (sa wikang Inglis) na God, ito ay hindi angkop na kahulugan at hindi naaakma sa Kanyang Kaluwalhatian. Ang salitang Allah sa wikang Arabik ay walang ganap o tuwirang kahulugan kung isasalin sa ibang wika. Ang salitang Allah ay nangangahulugan ng Tanging Isa, na Siya ay walang kahati o katambal sa Kanyang pagka-Diyos. Siya ay hindi maaaring iugnay sa mga iba pa na pinangalanang diyos, halimbawa, ang iba ay nagsasabi na si Hesus, ang anak ni Maria ay diyos, si Buddha ay diyos, si Krishna ay diyos, atbp.. Ang salitang Allah ay hindi maaaring paramihin upang magkaroon pa ng kasama si Allah, samakatuwid, si Allah ay hindi maaaring iugnay sa iba pa o maging pangmaramihan. Siya ay nananatili at namamalaging Isa at Tanging Isa. Pangalawa, ang lahat ng mga katangian at pangalan na ibinigay Niya sa Kanyang Sarili ay Kanya lamang at walang sinuman o anupaman na tinataguriang diyos ang maaaring mag-angkin ng mga katangiang ito tulad halimbawa ng Pinakamakapangyarihan, Pinakamaalam, Pinakamakatarungan, Pinakamahabagin, Pinakamapagpatawad, Pinakadakila, atbp.. Wala ng iba pa sa kalangitan at kalupaan ang maaaring mag-angkin ng gayong katangian. Ito ay para lamang kay Allah at wala ng iba. Dahil dito, bagama't ang salitang Allah ay maaaring isinasalin sa ibang wika tulad ng diyos, dios, god, deus, atbp., ang mga Muslim ay nagpapanatili nang pagtawag sa Kanyang personal at orihinal na Pangalan na Allah upang panatilihin ang tunay nitong kahulugan at upang ipatungkol lamang sa isang Dakilang Manlilikha ng lahat ng bagay.

إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ ﴿٥﴾

5. Ikaw (po) lamang ang aming sinasamba, at Ikaw (po) lamang ang aming hinihingan ng tulong.

اهْدِنَا الصِّرَاطَ الْمُسْتَقِيمَ ﴿٦﴾

6. Inyong patnubayan kami sa Matuwid na Landas,

صِرَاطَ الَّذِينَ أَنْعَمْتَ عَلَيْهِمْ غَيْرِ الْمَغْضُوبِ عَلَيْهِمْ وَلَا الضَّالِّينَ ﴿٧﴾

7. Sa landas ng mga ginawaran Ninyo ng Inyong[2] mga biyaya at hindi sa landas na umaani ng Inyong pagkapoot, gayundin naman ay hindi sa landas ng mga napaligaw sa patnubay.

---

[2] Ang Arabik na salita ay *An'amta* na ang tuwirang kahulugan ay "Iyo". Minabuti kong gumamit ng "Inyo" bilang paggalang kay Allah, ang Dakilang Tagapaglikha at Panginoon ng lahat ng mga nilalang. Sa lahat ng mga wikang Silanganin (o Oriental) katulad ng Filipino (Tagalog) at Arabik, ay mayroong dalawang uri ng pangmaramihan; una ay ang pangmaramihan ng bilang (plural of number) at pangalawa ay pangmaramihan ng paggalang (plural of respect). Ang pangmaramihan ng paggalang ay karaniwan na nating ginagamit bilang tanda ng kagandahang-asal at paggalang. Halimbawa, kung may isang matandang lalaki na kumatok sa ating pinto na hindi natin kakilala, tayo ay magsasabi ng: "Sino *sila?*" o kaya ay "Tuloy *kayo*". O kung tayo ay nangungusap sa ating magulang katulad ng ating ina, halimbawa'y tulad ng: "Nanay, nakita ba *ninyo* ang aking sapatos?" o kaya ay "Sa *inyo* na ang damit na ito." Ang *sila*, *kayo, ninyo* at *inyo* ay hindi nangangahulugan nang marami bagkus ay isa lamang, at samakatuwid ay pangmaramihan ng paggalang. Bagama't katotohanan na ang Qur'an sa wikang Arabik ay gumamit din ng pangmaramihan ng paggalang, ginamit ko ang alituntuning ito sa ibang talata ng Qur'an kung ito ay naaangkop kay Allah ayon sa sarili kong pagpapasya.

Surah 2

Surat Al-Baqarah
(Ang Baka)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Alif, Lam, Mim (A, La, Ma; ito ay mga titik sa wikang Arabik na tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

الٓمٓ ﴿١﴾

2. Ito ang Aklat (Qur'an) na walang pag-aalinlangan (na nagmula kay Allah), ang tunay na patnubay sa mga may pangangamba kay Allah,

ذَٰلِكَ ٱلْكِتَٰبُ لَا رَيْبَ ۛ فِيهِ ۛ هُدًى لِّلْمُتَّقِينَ ﴿٢﴾

3. Na nananalig sa *Al-Ghaib* (mga nakalingid tulad ng Paraiso, Impiyerno, kaluluwa, atbp.) at matimtiman sa pagsasagawa ng *Salah* (takdang pagdarasal) at gumugugol sa mga bagay na Aming ipinagkaloob sa kanila,

ٱلَّذِينَ يُؤْمِنُونَ بِٱلْغَيْبِ وَيُقِيمُونَ ٱلصَّلَوٰةَ وَمِمَّا رَزَقْنَٰهُمْ يُنفِقُونَ ﴿٣﴾

4. At nananampalataya sa Kapahayagan na ipinadala sa iyo (O Muhammad) at sa ipinahayag nang una pa sa iyo (*Torah* [mga Batas] at Ebanghelyo) at sila (sa kanilang puso) ay may pananalig sa Kabilang Buhay.

وَٱلَّذِينَ يُؤْمِنُونَ بِمَآ أُنزِلَ إِلَيْكَ وَمَآ أُنزِلَ مِن قَبْلِكَ وَبِٱلْءَاخِرَةِ هُمْ يُوقِنُونَ ﴿٤﴾

5. Sila ay nasa (tunay na patnubay) mula sa kanilang Panginoon at sila ang magsisipagtagumpay.

أُو۟لَٰٓئِكَ عَلَىٰ هُدًى مِّن رَّبِّهِمْ ۖ وَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْمُفْلِحُونَ ﴿٥﴾

6. Katotohanan, ang mga nagtatakwil sa pananampalataya, ito ay walang pagkakaiba sa kanila kahima't sila ay iyong paalalahanan o hindi paalalahanan; sila ay hindi sasampalataya.

إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ سَوَآءٌ عَلَيْهِمْ ءَأَنذَرْتَهُمْ أَمْ لَمْ تُنذِرْهُمْ لَا يُؤْمِنُونَ ﴿٦﴾

7. Si Allah ang naglapat ng sagka sa kanilang puso at sa kanilang pandinig, at sa kanilang paningin ay may lambong. Kasakit-sakit ang kaparusahan na kanilang tatamuhin.

خَتَمَ ٱللَّهُ عَلَىٰ قُلُوبِهِمْ وَعَلَىٰ سَمْعِهِمْ ۖ وَعَلَىٰٓ أَبْصَٰرِهِمْ غِشَٰوَةٌ ۖ وَلَهُمْ عَذَابٌ عَظِيمٌ ﴿٧﴾

8. At (sa karamihan) ay may mga tao na nagsasabi: "Kami ay sumasampalataya kay

وَمِنَ ٱلنَّاسِ مَن يَقُولُ ءَامَنَّا بِٱللَّهِ وَبِٱلْيَوْمِ

Allah at sa Huling Araw;" datapuwa't sila ay hindi tunay na nananalig.

وَمَا هُم بِمُؤْمِنِينَ ﴿٨﴾

9. Kanilang (napag-aakala) na malilinlang nila si Allah at ang mga sumasampalataya; datapuwa't dinadaya lamang nila ang kanilang sarili at ito ay hindi nila napag-aakala!

يُخَٰدِعُونَ ٱللَّهَ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَمَا يَخْدَعُونَ إِلَّآ أَنفُسَهُمْ وَمَا يَشْعُرُونَ ﴿٩﴾

10. Ang kanilang puso ay may karamdaman (ng alinlangan at pagkukunwari) at si Allah ang nagdagdag sa kanilang karamdaman. At kasakit-sakit ang kaparusahan na sasakanila sapagkat sila ay nagsisinungaling.

فِى قُلُوبِهِم مَّرَضٌ فَزَادَهُمُ ٱللَّهُ مَرَضًا ۖ وَلَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌۢ بِمَا كَانُوا۟ يَكْذِبُونَ ﴿١٠﴾

11. At kung sa kanila ay ipinagbabadya: "Huwag kayong magsigawa ng mga kabuhungan sa kalupaan", sila ay nagsasabi: "Kami lamang ay nagsisigawa ng kabutihan."

وَإِذَا قِيلَ لَهُمْ لَا تُفْسِدُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ قَالُوٓا۟ إِنَّمَا نَحْنُ مُصْلِحُونَ ﴿١١﴾

12. At katotohanang sila ang nagsisigawa ng kabuhungan, datapuwa't ito ay hindi nila napag-aakala.

أَلَآ إِنَّهُمْ هُمُ ٱلْمُفْسِدُونَ وَلَٰكِن لَّا يَشْعُرُونَ ﴿١٢﴾

13. At kung sa kanila (na mapagkunwari) ay ipinagbabadya: "Magsisampalataya kayo ng katulad ng mga sumasampalataya." Sila ay nagsasabi: "Kami ba ay magsisipaniwala ng katulad ng paniniwala ng mga hangal?" Katotohanang sila ang mga hangal, datapuwa't ito ay hindi nila nababatid.

وَإِذَا قِيلَ لَهُمْ ءَامِنُوا۟ كَمَآ ءَامَنَ ٱلنَّاسُ قَالُوٓا۟ أَنُؤْمِنُ كَمَآ ءَامَنَ ٱلسُّفَهَآءُ ۗ أَلَآ إِنَّهُمْ هُمُ ٱلسُّفَهَآءُ وَلَٰكِن لَّا يَعْلَمُونَ ﴿١٣﴾

14. At kung kanilang nakakadaupang-palad ang mga sumasampalataya, sila ay nagsasabi: "Kami ay sumasampalataya", datapuwa't kung sila ay nag-iisa na lamang na kasama ang kanilang mga pinuno (na hindi sumasampalataya, pagano, mapagpaimbabaw, atbp.) sila ay nagsasabi: "Katotohanang kami ay nasa inyo (datapuwa't) kami ay nanunuya lamang."

وَإِذَا لَقُوا۟ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ قَالُوٓا۟ ءَامَنَّا وَإِذَا خَلَوْا۟ إِلَىٰ شَيَٰطِينِهِمْ قَالُوٓا۟ إِنَّا مَعَكُمْ إِنَّمَا نَحْنُ مُسْتَهْزِءُونَ ﴿١٤﴾

15. Si Allah ang manunuya sa kanila at magbibigay ng dagdag sa kanilang mga kamalian upang sila ay magsilibot na katulad ng isang bulag.

ٱللَّهُ يَسْتَهْزِئُ بِهِمْ وَيَمُدُّهُمْ فِى طُغْيَٰنِهِمْ يَعْمَهُونَ ﴿١٥﴾

16. Sila yaong ipinagpalit nila ang pagkaligaw (kamalian) sa patnubay, kaya't ang kanilang kalakal ay walang kapakinabangan; at sila ay nawalan ng patnubay.

أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ ٱشْتَرَوُا۟ ٱلضَّلَٰلَةَ بِٱلْهُدَىٰ فَمَا رَبِحَت تِّجَٰرَتُهُمْ وَمَا كَانُوا۟ مُهْتَدِينَ ﴿١٦﴾

مَثَلُهُمْ كَمَثَلِ ٱلَّذِى ٱسْتَوْقَدَ نَارًا فَلَمَّآ أَضَآءَتْ مَا حَوْلَهُۥ ذَهَبَ ٱللَّهُ بِنُورِهِمْ وَتَرَكَهُمْ فِى ظُلُمَٰتٍ لَّا يُبْصِرُونَ ﴿١٧﴾

17. Ang kanilang kahalintulad ay katulad ng isang tao na nagpaparikit ng apoy. Nang ito ay magbigay ng liwanag sa kanyang paligid, si Allah ang kumuha ng kanilang liwanag at iniwan sila sa kadiliman. Kaya't sila ay hindi makakita.

صُمٌّۢ بُكْمٌ عُمْىٌ فَهُمْ لَا يَرْجِعُونَ ﴿١٨﴾

18. Sila ay mga bingi, pipi at bulag; kaya't sila ay hindi makababalik (sa tamang landas).

أَوْ كَصَيِّبٍ مِّنَ ٱلسَّمَآءِ فِيهِ ظُلُمَٰتٌ وَرَعْدٌ وَبَرْقٌ يَجْعَلُونَ أَصَٰبِعَهُمْ فِىٓ ءَاذَانِهِم مِّنَ ٱلصَّوَٰعِقِ حَذَرَ ٱلْمَوْتِ ۚ وَٱللَّهُ مُحِيطٌۢ بِٱلْكَٰفِرِينَ ﴿١٩﴾

19. O ang kanilang kahalintulad ay dagim (mabigat na ulap) sa langit (alapaap); naririto ang kadiliman, ang kulog at kidlat. Idinidiin nila ang kanilang mga daliri sa kanilang mga tainga upang hindi nila marinig (ang nakabibinging) kulog at kidlat dahilan sa kanilang pangangamba sa kamatayan. Datapuwa't si Allah ang nakasasakop sa mga hindi sumasampalataya.

يَكَادُ ٱلْبَرْقُ يَخْطَفُ أَبْصَٰرَهُمْ ۖ كُلَّمَآ أَضَآءَ لَهُم مَّشَوْا۟ فِيهِ وَإِذَآ أَظْلَمَ عَلَيْهِمْ قَامُوا۟ ۚ وَلَوْ شَآءَ ٱللَّهُ لَذَهَبَ بِسَمْعِهِمْ وَأَبْصَٰرِهِمْ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿٢٠﴾

20. Ang kidlat ay halos umagaw na ng kanilang paningin; sa anumang sandali na ito ay sumisilaw sa kanila; sila ay nagsisilakad dito; at kapag ang kadiliman ay lumukob sa kanila, sila ay napatigil na hindi kumikilos. At kung ninais lamang ni Allah, magagawa Niyang kunin ang kanilang pandinig at paningin; katotohanang si Allah ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ ٱعْبُدُوا۟ رَبَّكُمُ ٱلَّذِى خَلَقَكُمْ وَٱلَّذِينَ مِن قَبْلِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ ﴿٢١﴾

21. O sangkatauhan! Sambahin ninyo ang inyong Panginoon (Allah) na lumikha sa inyo at sa mga nangauna sa inyo upang kayo ay maging matuwid (maging masunurin sa Kanya),

ٱلَّذِى جَعَلَ لَكُمُ ٱلْأَرْضَ فِرَٰشًا وَٱلسَّمَآءَ بِنَآءً وَأَنزَلَ مِنَ ٱلسَّمَآءِ مَآءً فَأَخْرَجَ بِهِۦ مِنَ ٱلثَّمَرَٰتِ رِزْقًا لَّكُمْ ۖ فَلَا تَجْعَلُوا۟ لِلَّهِ أَندَادًا وَأَنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿٢٢﴾

22. Na (Siyang) lumikha para sa inyo ng kalupaan bilang inyong himlayan at ng kalangitan (mga alapaap) bilang inyong silungan at nagpamalisbis ng ulan mula sa langit (alapaap) at nagpasibol dito (sa kalupaan) ng mga bungangkahoy bilang inyong ikabubuhay. Kaya't huwag kayong magtambal ng anupaman kay Allah sapagkat batid ninyo (ang katotohanan).

وَإِن كُنتُمْ فِى رَيْبٍ مِّمَّا نَزَّلْنَا عَلَىٰ عَبْدِنَا فَأْتُوا۟ بِسُورَةٍ مِّن مِّثْلِهِۦ وَٱدْعُوا۟ شُهَدَآءَكُم مِّن دُونِ ٱللَّهِ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿٢٣﴾

23. At kung kayo (na mga paganong Arabo, mga Hudyo at Kristiyano) ay nag-aalinlangan tungkol sa Aming ipinahayag (ang Qur'an) sa Aming alipin (na si Muhammad), kung gayon,

kayo ay gumawa ng isang *surah* (kabanata) na katulad nito at tawagin ninyo ang inyong mga saksi (mga tagapagtaguyod) tangi pa kay Allah kung kayo ay makatotohanan (nagsasabi ng totoo).

فَإِن لَّمْ تَفْعَلُوا۟ وَلَن تَفْعَلُوا۟ فَٱتَّقُوا۟ ٱلنَّارَ ٱلَّتِى وَقُودُهَا ٱلنَّاسُ وَٱلْحِجَارَةُ ۖ أُعِدَّتْ لِلْكَٰفِرِينَ ﴿٢٤﴾

24. Datapuwa't kung kayo ay hindi makagawa, at (katotohanang) kailanman ay hindi ninyo magagawa; inyong pangambahan ang Apoy na ang kanyang panggatong ay mga tao at bato na siyang inihanda sa mga hindi sumasampalataya.

وَبَشِّرِ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ أَنَّ لَهُمْ جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ ۖ كُلَّمَا رُزِقُوا۟ مِنْهَا مِن ثَمَرَةٍ رِّزْقًا ۙ قَالُوا۟ هَٰذَا ٱلَّذِى رُزِقْنَا مِن قَبْلُ ۖ وَأُتُوا۟ بِهِۦ مُتَشَٰبِهًا ۖ وَلَهُمْ فِيهَآ أَزْوَٰجٌ مُّطَهَّرَةٌ ۖ وَهُمْ فِيهَا خَٰلِدُونَ ﴿٢٥﴾

25. At magbigay kayo ng magandang balita sa mga sumasampalataya at nagsisigawa ng kabutihan, na sasakanila ang Halamanan (Paraiso) na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy. Sa bawat sandali na sila ay pakakainin ng mga bungangkahoy nito, sila ay magsasabi: "Ito ang ipinagkaloob sa amin noong una", at sila ay bibigyan lamang ng mga bagay na nakakahalintulad (kawangis sa hubog datapuwa't iba ang lasa), at sasakanila ang mga asawa na busilak (malaya sa dumi, ihi, regla, atbp.) at sila ay mananahan dito magpakailanman.

إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَسْتَحْىِۦٓ أَن يَضْرِبَ مَثَلًا مَّا بَعُوضَةً فَمَا فَوْقَهَا ۚ فَأَمَّا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ فَيَعْلَمُونَ أَنَّهُ ٱلْحَقُّ مِن رَّبِّهِمْ ۖ وَأَمَّا ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ فَيَقُولُونَ مَاذَآ أَرَادَ ٱللَّهُ بِهَٰذَا مَثَلًا ۘ يُضِلُّ بِهِۦ كَثِيرًا وَيَهْدِى بِهِۦ كَثِيرًا ۚ وَمَا يُضِلُّ بِهِۦٓ إِلَّا ٱلْفَٰسِقِينَ ﴿٢٦﴾

26. Katotohanang si Allah ay hindi nakikimi na magbigay ng paghahalintulad kahima't ito ay isang lamok o anumang malaki kaysa rito. Ang mga nagsisisampalataya ay nakatatalos na ito ang katotohanan mula sa kanilang Panginoon. Datapuwa't ang mga nagtatakwil sa pananampalataya ay nagsasabi: "Ano baga ang ibig ipakahulugan ni Allah sa ganitong paghahalintulad?" Sa pamamagitan nito ay pinapangyari Niya na maligaw ang marami at pinapangyari Niya na maakay ang marami sa tamang landas. At walang maliligaw sa pamamagitan nito maliban lamang sa mga mapaghimagsik kay Allah.

ٱلَّذِينَ يَنقُضُونَ عَهْدَ ٱللَّهِ مِنۢ بَعْدِ مِيثَٰقِهِۦ وَيَقْطَعُونَ مَآ أَمَرَ ٱللَّهُ بِهِۦٓ أَن يُوصَلَ وَيُفْسِدُونَ فِى ٱلْأَرْضِ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْخَٰسِرُونَ ﴿٢٧﴾

27. (Sila) ang mga sumisira sa Kasunduan kay Allah matapos na ito ay mapagtibay at (sila ay) pumuputol (sumusuway at hindi tumutupad) sa mga ipinag-uutos ni Allah na dapat na pagdugtungin (ipagpatuloy at isakatuparan) at nagsisigawa ng kabuktutan sa kalupaan, sila ang mga talunan.

كَيْفَ تَكْفُرُونَ بِٱللَّهِ وَكُنتُمْ أَمْوَٰتًا فَأَحْيَٰكُمْ ثُمَّ يُمِيتُكُمْ ثُمَّ يُحْيِيكُمْ ثُمَّ إِلَيْهِ تُرْجَعُونَ ﴿٢٨﴾

28. Paano baga ninyo itatakwil ang pananampalataya kay Allah? Napagmamalas kayo noon na walang buhay at kayo ay ginawaran Niya ng buhay, at pagkatapos, kayo ay babawian Niya ng buhay, at pagkaraan, kayo ay bibigyan Niyang muli ng buhay (sa Araw ng Muling Pagkabuhay); at makaraan, kayo sa Kanya ay muling magbabalik.

هُوَ ٱلَّذِى خَلَقَ لَكُم مَّا فِى ٱلْأَرْضِ جَمِيعًا ثُمَّ ٱسْتَوَىٰٓ إِلَى ٱلسَّمَآءِ فَسَوَّىٰهُنَّ سَبْعَ سَمَٰوَٰتٍ ۚ وَهُوَ بِكُلِّ شَىْءٍ عَلِيمٌ ﴿٢٩﴾

29. Siya ang lumikha para sa inyo ng lahat ng mga bagay na nasa kalupaan; at makaraan, Siya ay nag-*Istawa* (pumaibabaw) sa kalangitan (sa paraang naaangkop sa Kanyang Kamahalan) at yaon ay Kanyang ginawa na pitong suson. At sa lahat ng bagay, Siya ay may Ganap na Kaalaman.

وَإِذْ قَالَ رَبُّكَ لِلْمَلَٰٓئِكَةِ إِنِّى جَاعِلٌ فِى ٱلْأَرْضِ خَلِيفَةً ۖ قَالُوٓا۟ أَتَجْعَلُ فِيهَا مَن يُفْسِدُ فِيهَا وَيَسْفِكُ ٱلدِّمَآءَ وَنَحْنُ نُسَبِّحُ بِحَمْدِكَ وَنُقَدِّسُ لَكَ ۖ قَالَ إِنِّىٓ أَعْلَمُ مَا لَا تَعْلَمُونَ ﴿٣٠﴾

30. (Pagmasdan!) At nang magwika ang inyong Panginoon sa mga anghel: "Katotohanan, Ako ay maglalagay ng *Khalifah* (sangkatauhan, kapalit, kahalili) sa kalupaan (sa maraming sali't saling lahi.)." Sila ay nagsabi: "Maglalagay ba Kayo roon ng nilikha (tao) na gumagawa ng kabuktutan at doon ay magdadanak ng dugo, at (habang) kami ay lumuluwalhati ng mga pagpupuri at pagpaparangal sa Inyong Banal (na Pangalan)?" Siya (Allah) ay nagwika: "Nababatid Ko ang hindi ninyo nalalaman."

وَعَلَّمَ ءَادَمَ ٱلْأَسْمَآءَ كُلَّهَا ثُمَّ عَرَضَهُمْ عَلَى ٱلْمَلَٰٓئِكَةِ فَقَالَ أَنۢبِـُٔونِى بِأَسْمَآءِ هَٰٓؤُلَآءِ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿٣١﴾

31. At itinuro Niya kay Adan ang pangalan ng lahat ng bagay at itinambad Niya ang mga ito sa harapan ng mga anghel at nagsabi: "Sabihin ninyo sa Akin ang pangalan ng mga ito kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan."

قَالُوا۟ سُبْحَٰنَكَ لَا عِلْمَ لَنَآ إِلَّا مَا عَلَّمْتَنَآ ۖ إِنَّكَ أَنتَ ٱلْعَلِيمُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٣٢﴾

32. Sila (mga anghel) ay nagsabi: "Luwalhatiin Kayo! Kami ay walang kaalaman maliban sa itinuro Ninyo sa amin; sa katotohanan Kayo lamang ang may Ganap na Kaalaman at Karunungan."

قَالَ يَٰٓـَٔادَمُ أَنۢبِئْهُم بِأَسْمَآئِهِمْ ۖ فَلَمَّآ أَنۢبَأَهُم بِأَسْمَآئِهِمْ قَالَ أَلَمْ أَقُل لَّكُمْ إِنِّىٓ أَعْلَمُ غَيْبَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَأَعْلَمُ مَا تُبْدُونَ وَمَا كُنتُمْ تَكْتُمُونَ ﴿٣٣﴾

33. Siya (Allah) ay nagwika: "O Adan! Sabihin mo sa kanila ang kanilang mga pangalan." At nang masabi na niya sa kanila ang kanilang mga pangalan, si Allah ay nagwika: "Hindi baga Aking winika sa inyo na nababatid Ko ang mga lihim ng langit at lupa at talastas Ko kung ano

ang inyong inilalantad at ikinukubli?"

وَإِذْ قُلْنَا لِلْمَلَٰٓئِكَةِ ٱسْجُدُوا۟ لِـَٔادَمَ فَسَجَدُوٓا۟ إِلَّآ إِبْلِيسَ أَبَىٰ وَٱسْتَكْبَرَ وَكَانَ مِنَ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٣٤﴾

34. (Pagmasdan!) At nang Kami ay magwika sa mga anghel: "Magsagawa kayo ng *sujud* (pagyukod o pagpapatirapa) kay Adan." At sila ay nagsagawa ng *sujud* maliban kay Iblis (si Satanas, isang *Jinn* na nasa lipon ng mga anghel nang sandaling yaon); siya ay tumanggi at siya ay palalo. Kaya't siya ay napabilang (sa isa) sa mga nagtatakwil sa pananampalataya.

وَقُلْنَا يَٰٓـَٔادَمُ ٱسْكُنْ أَنتَ وَزَوْجُكَ ٱلْجَنَّةَ وَكُلَا مِنْهَا رَغَدًا حَيْثُ شِئْتُمَا وَلَا تَقْرَبَا هَٰذِهِ ٱلشَّجَرَةَ فَتَكُونَا مِنَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٣٥﴾

35. At Kami ay nagwika: "O Adan! Manirahan ka at ang iyong asawa sa Paraiso (Halamanan) at kumain kayo rito ng mga masaganang bagay (saan man at kailanman) ninyo naisin, datapuwa't huwag ninyong lapitan ang punong ito, baka kayo ay mapabilang sa mga makasalanan ."

فَأَزَلَّهُمَا ٱلشَّيْطَٰنُ عَنْهَا فَأَخْرَجَهُمَا مِمَّا كَانَا فِيهِ ۖ وَقُلْنَا ٱهْبِطُوا۟ بَعْضُكُمْ لِبَعْضٍ عَدُوٌّ ۖ وَلَكُمْ فِى ٱلْأَرْضِ مُسْتَقَرٌّ وَمَتَٰعٌ إِلَىٰ حِينٍ ﴿٣٦﴾

36. Nguni't (hindi naglaon) ay nagawa ni Satanas na sila ay makatalilis dito (sa Paraiso o Halamanan) at makalabas (sa katayuan ng katahimikan) na kanilang kinalalagyan. At Kami (Allah) ay nagwika: "Magsibaba kayong lahat (sa lupa), na kayo ay magkakaaway (may pagkagalit sa bawat isa). At ang kalupaan ang inyong magiging tirahan at isang pansamantalang kaligayahan."

فَتَلَقَّىٰٓ ءَادَمُ مِن رَّبِّهِۦ كَلِمَٰتٍ فَتَابَ عَلَيْهِ ۚ إِنَّهُۥ هُوَ ٱلتَّوَّابُ ٱلرَّحِيمُ ﴿٣٧﴾

37. At si Adan ay tumanggap ng mga Salita (Kapahayagan) mula sa kanyang Panginoon at Siya (ang kanyang Panginoon) ay nagpatawad sa kanya (tumanggap sa kanyang pagsisisi). Katotohanang Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

قُلْنَا ٱهْبِطُوا۟ مِنْهَا جَمِيعًا ۖ فَإِمَّا يَأْتِيَنَّكُم مِّنِّى هُدًى فَمَن تَبِعَ هُدَاىَ فَلَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ﴿٣٨﴾

38. Kami (Allah) ay nagwika: "Magsibaba kayong lahat mula rito (Paraiso), at kailanma't may dumatal sa inyo na patnubay mula sa Akin; at sinumang sumunod sa Aking patnubay, ay walang dapat pangambahan, at hindi magkakaroon ng kalumbayan."

وَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَكَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَآ أُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلنَّارِ ۖ هُمْ فِيهَا خَٰلِدُونَ ﴿٣٩﴾

39. (Datapuwa't) ang mga nagtatakwil ng Pananampalataya at nagpapasinungaling sa Aming *Ayat* (mga talata, kapahayagan, aral, katibayan, tanda, atbp.), sila ang magsisipanahan sa Apoy; mamamalagi sila rito

magpakailanman.

40. O Angkan ng Israel! Alalahanin ninyo ang Aking biyaya na ipinagkaloob Ko sa inyo at inyong tuparin (ang inyong tungkulin) sa Aking Kasunduan (sa inyo); tutuparin Ko rin ang Aking Kasunduan sa inyo, at Ako lamang ang dapat ninyong katakutan (pangambahan).

يَٰبَنِيٓ إِسۡرَٰٓءِيلَ ٱذۡكُرُواْ نِعۡمَتِيَ ٱلَّتِيٓ أَنۡعَمۡتُ عَلَيۡكُمۡ وَأَوۡفُواْ بِعَهۡدِيٓ أُوفِ بِعَهۡدِكُمۡ وَإِيَّٰيَ فَٱرۡهَبُونِ ﴿٤٠﴾

41. At manampalataya kayo sa Aking ipinahayag (ang Qur'an) na nagpapatotoo sa kapahayagan na nasa sa inyo (*Torah* [mga Batas] at Ebanghelyo) at huwag kayong manguna sa mga hindi sumasampalataya rito, at huwag ninyong ipagpalit (ipagbili) ang Aking mga Kapahayagan (mga Talata) sa isang maliit na halaga, at Ako lamang ang dapat ninyong pangambahan.

وَءَامِنُواْ بِمَآ أَنزَلۡتُ مُصَدِّقٗا لِّمَا مَعَكُمۡ وَلَا تَكُونُوٓاْ أَوَّلَ كَافِرِۭ بِهِۦۖ وَلَا تَشۡتَرُواْ بِـَٔايَٰتِي ثَمَنٗا قَلِيلٗا وَإِيَّٰيَ فَٱتَّقُونِ ﴿٤١﴾

42. At huwag ninyong haluan ang Katotohanan ng kasinungalingan, at inyong ikubli ang Katotohanan na nababatid ninyo (alalaong baga, na si Muhammad ay Tagapagbalita ni Allah at ang kanyang mga katangian ay nasusulat sa Kasulatan [ang *Torah* {mga Batas} at Ebanghelyo]).

وَلَا تَلۡبِسُواْ ٱلۡحَقَّ بِٱلۡبَٰطِلِ وَتَكۡتُمُواْ ٱلۡحَقَّ وَأَنتُمۡ تَعۡلَمُونَ ﴿٤٢﴾

43. At kayo ay mag-alay ng *Salah* (takdang pagdarasal sa araw-araw) at magbigay ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa), at kayo ay magsagawa ng *ruku* (pagyukod) sa *Salah* na kasama ang mga nagsasagawa ng *Salah*.

وَأَقِيمُواْ ٱلصَّلَوٰةَ وَءَاتُواْ ٱلزَّكَوٰةَ وَٱرۡكَعُواْ مَعَ ٱلرَّٰكِعِينَ ﴿٤٣﴾

44. Ipinag-uutos ba ninyo sa mga tao ang *Al-Birr* (pagiging masunurin at mabait, kabanalan at katuwiran at bawat isa at lahat ng gawa ng pagsunod kay Allah) gayong kayo sa inyong sarili ay nakakalimot (na isagawa ito) bagama't kayo ay nagbabasa ng Kasulatan (ang *Torah* [mga Batas])? Hindi baga ninyo ginagamit ang inyong mga talino?

۞ أَتَأۡمُرُونَ ٱلنَّاسَ بِٱلۡبِرِّ وَتَنسَوۡنَ أَنفُسَكُمۡ وَأَنتُمۡ تَتۡلُونَ ٱلۡكِتَٰبَۚ أَفَلَا تَعۡقِلُونَ ﴿٤٤﴾

45. At magsihingi kayo ng tulong (kay Allah) sa pagiging matimtiman at matiyaga at pag-aalay ng *Salah* (takdang pagdarasal). At katiyakang ito ay mabigat at mahirap (isagawa ng iba) maliban sa *Al-Khashi'un* (alalaong baga, ang mga tunay na nananampalataya kay Allah, na sumusunod sa

وَٱسۡتَعِينُواْ بِٱلصَّبۡرِ وَٱلصَّلَوٰةِۚ وَإِنَّهَا لَكَبِيرَةٌ إِلَّا عَلَى ٱلۡخَٰشِعِينَ ﴿٤٥﴾

Kanya ng may ganap na pagtalima, na labis na nangangamba sa Kanyang kaparusahan, at nananalig sa Kanyang Pangako [ang Paraiso] at sa Kanyang Babala [ang Impiyerno]),

46. Na naniniwala (namamalagi sa kanilang isipan at may katiyakan) na kanilang makakadaupang-palad ang kanilang Panginoon at sila sa Kanya ay magbabalik.

ٱلَّذِينَ يَظُنُّونَ أَنَّهُم مُّلَٰقُوا۟ رَبِّهِمْ وَأَنَّهُمْ إِلَيْهِ رَٰجِعُونَ ﴿٤٦﴾

47. O Angkan ng Israel! Alalahanin ninyo ang Aking Biyaya na Aking ipinagkaloob sa inyo, at kayo ay higit Kong pinahalagahan sa lahat ng mga nilalang (sa inyong kapanahunan na lumipas).

يَٰبَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ ٱذْكُرُوا۟ نِعْمَتِىَ ٱلَّتِىٓ أَنْعَمْتُ عَلَيْكُمْ وَأَنِّى فَضَّلْتُكُمْ عَلَى ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٤٧﴾

48. At inyong pangambahan ang Araw ng Muling Pagkabuhay na ang bawat isa ay hindi makakaasa ng tulong ng iba; at ang pamamagitan (ng iba) ay hindi tatanggapin sa kanya at wala ring kabayaran ang tatanggapin mula sa kanya at sila rin ay hindi matutulungan.

وَٱتَّقُوا۟ يَوْمًا لَّا تَجْزِى نَفْسٌ عَن نَّفْسٍ شَيْـًٔا وَلَا يُقْبَلُ مِنْهَا شَفَٰعَةٌ وَلَا يُؤْخَذُ مِنْهَا عَدْلٌ وَلَا هُمْ يُنصَرُونَ ﴿٤٨﴾

49. At (alalahanin) nang kayo ay Aming iniligtas sa mga tao ni Paraon (Fir'aun) na naglalapat sa inyo ng kasakit-sakit na kaparusahan; na pumapatay sa inyong mga anak na lalaki at hinahayaang buhay ang inyong kababaihan, at naririto ang matinding pagsubok mula sa inyong Panginoon.

وَإِذْ نَجَّيْنَٰكُم مِّنْ ءَالِ فِرْعَوْنَ يَسُومُونَكُمْ سُوٓءَ ٱلْعَذَابِ يُذَبِّحُونَ أَبْنَآءَكُمْ وَيَسْتَحْيُونَ نِسَآءَكُمْ ۚ وَفِى ذَٰلِكُم بَلَآءٌ مِّن رَّبِّكُمْ عَظِيمٌ ﴿٤٩﴾

50. At (alalahanin) nang Aming hinati ang dagat para sa inyo at iniligtas kayo, at Aming nilunod ang mga tao ni Paraon sa harap ng inyong paningin (habang kayo ay nakamasid).

وَإِذْ فَرَقْنَا بِكُمُ ٱلْبَحْرَ فَأَنجَيْنَٰكُمْ وَأَغْرَقْنَآ ءَالَ فِرْعَوْنَ وَأَنتُمْ تَنظُرُونَ ﴿٥٠﴾

51. At (alalahanin) nang Aming itinalaga kay Moises ang apatnapung gabi, (at makaraan) ay inyong sinamba ang batang baka (na yari sa ginto) sa kanyang pansamantalang pagkawala; at kayo ay gumawa ng kasuklam-suklam na kamalian.

وَإِذْ وَٰعَدْنَا مُوسَىٰٓ أَرْبَعِينَ لَيْلَةً ثُمَّ ٱتَّخَذْتُمُ ٱلْعِجْلَ مِنۢ بَعْدِهِۦ وَأَنتُمْ ظَٰلِمُونَ ﴿٥١﴾

52. Gayunpaman, kayo ay Aming pinatawad, (upang pagkaraan nito), kayo ay mayroong pagkakataon upang magkaroon ng damdamin ng pasasalamat.

ثُمَّ عَفَوْنَا عَنكُم مِّنۢ بَعْدِ ذَٰلِكَ لَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ ﴿٥٢﴾

53. At (alalahanin) nang Aming ibinigay kay Moises ang Kasulatan (*Torah*, [mga Batas]) na

وَإِذْ ءَاتَيْنَا مُوسَى ٱلْكِتَٰبَ وَٱلْفُرْقَانَ لَعَلَّكُمْ

Pamantayan (ng tama at mali) upang kayo ay mapatnubayan sa tamang landas.

تَهْتَدُونَ ﴿٥٣﴾

54. At (alalahanin) nang si Moises ay magsabi sa kanyang pamayanan: "O aking pamayanan! Katotohanang isinadlak ninyo ang inyong sarili sa kamalian nang inyong sambahin ang batang baka; kaya't magbalik-loob kayo (sa pagsisisi) sa inyong Tagapaglikha at inyong utasin ang inyong sarili (ang walang kasalanan ay pumatay sa mga buktot sa karamihan ninyo); ito ay higit na mainam sa inyo sa paningin ng inyong Tagapaglikha. At (kaagad), kayo ay (Kanyang) pinatawad. Katotohanang Siya (ang Tanging Isa) na Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَإِذْ قَالَ مُوسَىٰ لِقَوْمِهِۦ يَٰقَوْمِ إِنَّكُمْ ظَلَمْتُمْ أَنفُسَكُم بِٱتِّخَاذِكُمُ ٱلْعِجْلَ فَتُوبُوٓا۟ إِلَىٰ بَارِئِكُمْ فَٱقْتُلُوٓا۟ أَنفُسَكُمْ ۚ ذَٰلِكُمْ خَيْرٌ لَّكُمْ عِندَ بَارِئِكُمْ فَتَابَ عَلَيْكُمْ ۚ إِنَّهُۥ هُوَ ٱلتَّوَّابُ ٱلرَّحِيمُ ﴿٥٤﴾

55. At (alalahanin) nang inyong sabihin: "O Moises! Kailanman ay hindi kami maniniwala sa iyo hangga't hindi namin nakikita nang lantad si Allah." Datapuwa't kayo ay sinakmal ng kidlat (sa harap ng inyong paningin) habang kayo ay nakatitig.

وَإِذْ قُلْتُمْ يَٰمُوسَىٰ لَن نُّؤْمِنَ لَكَ حَتَّىٰ نَرَى ٱللَّهَ جَهْرَةً فَأَخَذَتْكُمُ ٱلصَّٰعِقَةُ وَأَنتُمْ تَنظُرُونَ ﴿٥٥﴾

56. At pagkatapos, kayo ay Aming binuhay mula sa kamatayan upang kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat.

ثُمَّ بَعَثْنَٰكُم مِّنۢ بَعْدِ مَوْتِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ ﴿٥٦﴾

57. At pinapangyari Namin ang mga ulap na lambungan kayo ng lilim at ipinanaog Namin sa inyo ang *Manna* (isang bagay o pagkain na kasingtamis ng pulut-pukyutan) at mga pugo (at Kami ay nagwika): "Magsikain kayo ng mababuting bagay na Aming ipinagkaloob sa inyo." (Datapuwa't sila ay nagsipaghimagsik), sila ay hindi nakapagbigay sa Amin ng kapariwaraan, subalit ipinariwara nila ang kanilang sarili.

وَظَلَّلْنَا عَلَيْكُمُ ٱلْغَمَامَ وَأَنزَلْنَا عَلَيْكُمُ ٱلْمَنَّ وَٱلسَّلْوَىٰ ۖ كُلُوا۟ مِن طَيِّبَٰتِ مَا رَزَقْنَٰكُمْ ۚ وَمَا ظَلَمُونَا وَلَٰكِن كَانُوٓا۟ أَنفُسَهُمْ يَظْلِمُونَ ﴿٥٧﴾

58. At (alalahanin) nang Aming winika: "Magsipasok kayo sa bayang ito (Herusalem) at kayo ay kumain nang masagana at may kasiyahan sa inyong maibigan at tumuloy kayo sa tarangkahan na nakayukod (at may kapakumbabaan) na nagsasabi: "Patawarin Ninyo kami", at Aming ipatatawad ang inyong mga kasalanan at daragdagan Namin ang

وَإِذْ قُلْنَا ٱدْخُلُوا۟ هَٰذِهِ ٱلْقَرْيَةَ فَكُلُوا۟ مِنْهَا حَيْثُ شِئْتُمْ رَغَدًا وَٱدْخُلُوا۟ ٱلْبَابَ سُجَّدًا وَقُولُوا۟ حِطَّةٌ نَّغْفِرْ لَكُمْ خَطَٰيَٰكُمْ ۚ وَسَنَزِيدُ ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿٥٨﴾

gantimpala (pabuya) sa mga gumagawa ng kabutihan.

فَبَدَّلَ ٱلَّذِينَ ظَلَمُوا۟ قَوْلًا غَيْرَ ٱلَّذِى
قِيلَ لَهُمْ فَأَنزَلْنَا عَلَى ٱلَّذِينَ ظَلَمُوا۟ رِجْزًا
مِّنَ ٱلسَّمَآءِ بِمَا كَانُوا۟ يَفْسُقُونَ ﴿٥٩﴾

59. (Datapuwa't) pinalitan ng mga gumawa ng kamalian ang salita na iginawad sa kanila (na ipahayag ang: "Patawarin Ninyo kami.") ng ibang salita (ang kanilang sinasabi sa gagad ng kanilang dila ay '*Hintatun*' na ang ibig sabihin ay isang uri ng beans o butong patani, ngunit ang tunay na salita ay '*Hittatun*', alalaong baga, Patawarin Ninyo kami), kaya't Aming ipinadala sa mga gumawa ng kamalian ang *Rijz* (parusa o salot) mula sa langit dahilan sa kanilang paghihimagsik (na tumalima kay Allah).

۞ وَإِذِ ٱسْتَسْقَىٰ مُوسَىٰ لِقَوْمِهِۦ فَقُلْنَا
ٱضْرِب بِّعَصَاكَ ٱلْحَجَرَ ۖ فَٱنفَجَرَتْ مِنْهُ
ٱثْنَتَا عَشْرَةَ عَيْنًا ۖ قَدْ عَلِمَ كُلُّ أُنَاسٍ
مَّشْرَبَهُمْ ۖ كُلُوا۟ وَٱشْرَبُوا۟ مِن رِّزْقِ ٱللَّهِ وَلَا
تَعْثَوْا۟ فِى ٱلْأَرْضِ مُفْسِدِينَ ﴿٦٠﴾

60. At (alalahanin) nang si Moises ay manalangin (dahil sa pangangailangan) sa tubig ng kanyang pamayanan; Aming (Allah) winika: "Hampasin mo ang bato ng iyong tungkod." At bumukal dito ang labingdalawang batis. Ang bawat pangkat ay nakakaalam ng kaniyang lugar ng tubig. Kaya't magsikain kayo at uminom ng panustos (na ikabubuhay) na ipinagkaloob ni Allah, at huwag kayong gumawa ng katampalasanan (kabuhungan) sa kalupaan.

وَإِذْ قُلْتُمْ يَٰمُوسَىٰ لَن نَّصْبِرَ عَلَىٰ طَعَامٍ
وَٰحِدٍ فَٱدْعُ لَنَا رَبَّكَ يُخْرِجْ لَنَا مِمَّا تُنۢبِتُ
ٱلْأَرْضُ مِنۢ بَقْلِهَا وَقِثَّآئِهَا وَفُومِهَا
وَعَدَسِهَا وَبَصَلِهَا ۖ قَالَ أَتَسْتَبْدِلُونَ ٱلَّذِى هُوَ
أَدْنَىٰ بِٱلَّذِى هُوَ خَيْرٌ ۚ ٱهْبِطُوا۟ مِصْرًا
فَإِنَّ لَكُم مَّا سَأَلْتُمْ ۗ وَضُرِبَتْ عَلَيْهِمُ
ٱلذِّلَّةُ وَٱلْمَسْكَنَةُ وَبَآءُو بِغَضَبٍ مِّنَ ٱللَّهِ ۗ
ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ كَانُوا۟ يَكْفُرُونَ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ
وَيَقْتُلُونَ ٱلنَّبِيِّـۧنَ بِغَيْرِ ٱلْحَقِّ ۗ ذَٰلِكَ بِمَا
عَصَوا۟ وَّكَانُوا۟ يَعْتَدُونَ ﴿٦١﴾

61. At (alalahanin) nang inyong sabihin: "O Moises! Hindi namin kayang pagtiyagaan ang isang uri ng pagkain lamang (ang *Manna* at pugo); kaya't manawagan (manalangin) ka sa iyong Panginoon patungkol sa amin upang magpasibol ng maaaring tumubo sa lupa, (tulad ng) mga herba, pipino, bawang, lentil at sibuyas." Siya (Moises) ay nagsabi: "Ipagpapalit ba ninyo ang mainam sa mababang (uri)? Magsihayo (magsibaba) kayo sa anumang bayan at inyong masusumpungan ang inyong ninanais!" At sila ay nalambungan ng kahihiyan at kapighatian; hinatak nila sa kanilang sarili ang Poot ni Allah. Ito'y sa dahilang sila ay nagtatakwil sa *Ayat* (mga aral, kapahayagan, katibayan, tanda, atbp.) ni Allah at pumapatay sa Kanyang mga Tagapagbalita (Propeta) nang walang katuwiran. Ito'y sa dahilang sila ay naghimagsik at nagpatuloy sa pagsuway.

إِنَّ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَٱلَّذِينَ هَادُوا۟

62. Katotohanan! Ang mga sumasampalataya

(naniniwala kay Muhammad at sa Qur'an, ang mga sumusunod sa Kasulatan (sa *Torah*, [mga Batas]), ang mga Hudyo, ang mga Kristiyano at mga Sabiyano, na nananampalataya kay Allah at sa Huling Araw at nagsisigawa ng kabutihan, sasakanila ang kanilang gantimpala (biyaya) mula sa kanilang Panginoon at sila ay walang dapat pangambahan, at sila ay hindi magkakaroon ng kalumbayan. (Ang talatang ito ay sinusugan ni Allah sa Surah 3:85).

وَٱلنَّصَٰرَىٰ وَٱلصَّٰبِـِٔينَ مَنْ ءَامَنَ بِٱللَّهِ وَٱلْيَوْمِ ٱلْءَاخِرِ وَعَمِلَ صَٰلِحًا فَلَهُمْ أَجْرُهُمْ عِندَ رَبِّهِمْ وَلَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ﴿٦٢﴾

63. At (alalahanin, O Angkan ng Israel) nang Aming kinuha ang inyong Kasunduan (na kayo ay sasampalataya kay Allah) at Aming itinaas (nang higit sa inyo) ang Bundok ng Tur (Sinai) [na nagsasabi]: "Manangan kayo nang matatag sa Aming ipinagkaloob sa inyo at inyong gunitain ang nakapaloob dito (sundin nang buong tapat ang Aming ipinag-utos sa inyo sa Kasulatan) upang kayo ay maging *Al-Muttaqun* (mga matimtiman sa kabanalan, mabuti at matuwid na tao)."

وَإِذْ أَخَذْنَا مِيثَٰقَكُمْ وَرَفَعْنَا فَوْقَكُمُ ٱلطُّورَ خُذُوا۟ مَآ ءَاتَيْنَٰكُم بِقُوَّةٍ وَٱذْكُرُوا۟ مَا فِيهِ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ ﴿٦٣﴾

64. Gayunpaman, kayo ay nagsitalikod dito (inyong nilabag ang kasunduan), pagkatapos (Naming kunin ang inyong Kasunduan). At kung hindi lamang sa Biyaya at Habag ni Allah sa inyo, katiyakang kayo ay nasa lipon ng mga talunan.

ثُمَّ تَوَلَّيْتُم مِّنۢ بَعْدِ ذَٰلِكَ ۖ فَلَوْلَا فَضْلُ ٱللَّهِ عَلَيْكُمْ وَرَحْمَتُهُۥ لَكُنتُم مِّنَ ٱلْخَٰسِرِينَ ﴿٦٤﴾

65. At katotohanang nabatid ninyo (ang nangyari) sa mga sumuway (sa inyong lipon) sa (kautusan ng bawal na pangingisda) sa araw ng Sabado. At Aming (Allah) winika sa kanila: "Kayo ay maging unggoy, na kinasusuklaman at itinatakwil."

وَلَقَدْ عَلِمْتُمُ ٱلَّذِينَ ٱعْتَدَوْا۟ مِنكُمْ فِى ٱلسَّبْتِ فَقُلْنَا لَهُمْ كُونُوا۟ قِرَدَةً خَٰسِـِٔينَ ﴿٦٥﴾

66. Kaya't ginawa Namin ang kaparusahang ito bilang isang halimbawa sa kanilang panahon at sa susunod na sali't saling lahi at isang aral sa mga may pangangamba kay Allah.

فَجَعَلْنَٰهَا نَكَٰلًا لِّمَا بَيْنَ يَدَيْهَا وَمَا خَلْفَهَا وَمَوْعِظَةً لِّلْمُتَّقِينَ ﴿٦٦﴾

67. At (alalahanin) nang sabihin ni Moises sa kanyang pamayanan: "Katotohanang si Allah ay nag-uutos sa inyo na kayo ay magkatay (magsakripisyo o mag-alay) ng isang baka." Sila ay nagsabi: "Ginagawa mo ba kaming

وَإِذْ قَالَ مُوسَىٰ لِقَوْمِهِۦٓ إِنَّ ٱللَّهَ يَأْمُرُكُمْ أَن تَذْبَحُوا۟ بَقَرَةً ۖ قَالُوٓا۟ أَتَتَّخِذُنَا هُزُوًا ۖ قَالَ أَعُوذُ بِٱللَّهِ أَنْ أَكُونَ مِنَ ٱلْجَٰهِلِينَ ﴿٦٧﴾

katatawanan?" Siya (Moises) ay nagsabi: "Iligtas nawa ako ni Allah na mapabilang sa *Al-Jahilun* (mga tao na walang pag-iisip, mangmang at may kabaliwan)!"

قَالُوا۟ ٱدْعُ لَنَا رَبَّكَ يُبَيِّن لَّنَا مَا هِىَ ۚ قَالَ إِنَّهُۥ يَقُولُ إِنَّهَا بَقَرَةٌ لَّا فَارِضٌ وَلَا بِكْرٌ ۖ عَوَانٌۢ بَيْنَ ذَٰلِكَ ۖ فَٱفْعَلُوا۟ مَا تُؤْمَرُونَ ﴿٦٨﴾

68. Sila ay nagsabi: "Hilingin mo sa iyong Panginoon patungkol sa amin na gawing maliwanag kung anong (baka) ito!" Siya (Moises) ay nagsabi; Kanyang (Allah) winika: "Katotohanan, ito ay hindi lubhang matanda o lubhang bata, ngunit ito ay katamtamang gulang lamang; kaya't (kaagad) ninyong gawin ang sa inyo ay ipinag-utos."

قَالُوا۟ ٱدْعُ لَنَا رَبَّكَ يُبَيِّن لَّنَا مَا لَوْنُهَا ۚ قَالَ إِنَّهُۥ يَقُولُ إِنَّهَا بَقَرَةٌ صَفْرَآءُ فَاقِعٌ لَّوْنُهَا تَسُرُّ ٱلنَّٰظِرِينَ ﴿٦٩﴾

69. Sila ay nagsabi: "Hilingin mo sa iyong Panginoon patungkol sa amin na maging maliwanag kung ano ang kulay nito!" Siya (Moises) ay nagsabi: "Kanyang (Allah) winika na ito ay dilaw na baka, na marikit sa kanyang kulay at nakakaakit sa mga tumitingin."

قَالُوا۟ ٱدْعُ لَنَا رَبَّكَ يُبَيِّن لَّنَا مَا هِىَ إِنَّ ٱلْبَقَرَ تَشَٰبَهَ عَلَيْنَا ۖ وَإِنَّآ إِن شَآءَ ٱللَّهُ لَمُهْتَدُونَ ﴿٧٠﴾

70. Sila ay nagsabi: "Hilingin mo sa iyong Panginoon patungkol sa amin na maging maliwanag sa amin kung ano ba siya; para sa amin ang lahat ng mga baka (na aming nakita) ay magkakatulad. At katotohanang kung nanaisin ni Allah, kami ay mapapatnubayan."

قَالَ إِنَّهُۥ يَقُولُ إِنَّهَا بَقَرَةٌ لَّا ذَلُولٌ تُثِيرُ ٱلْأَرْضَ وَلَا تَسْقِى ٱلْحَرْثَ مُسَلَّمَةٌ لَّا شِيَةَ فِيهَا ۚ قَالُوا۟ ٱلْـَٰٔنَ جِئْتَ بِٱلْحَقِّ ۚ فَذَبَحُوهَا وَمَا كَادُوا۟ يَفْعَلُونَ ﴿٧١﴾

71. Si (Moises) ay nagsabi: "Katotohanang Kanyang (Allah) winika: Ito ay isang baka na hindi pa natuturuang magbungkal ng lupa o magdilig ng bukirin, walang kakulangan (kasahulan), at walang anumang mantsa (maliban sa marikit na dilaw)." Sila ay nagsabi: "Ngayon, ikaw ay naghatid ng katotohanan." Kaya't kanilang kinatay ito bagama't sila ay nag-aatubili na ito ay gawin.

وَإِذْ قَتَلْتُمْ نَفْسًا فَٱدَّٰرَـْٔتُمْ فِيهَا ۖ وَٱللَّهُ مُخْرِجٌ مَّا كُنتُمْ تَكْتُمُونَ ﴿٧٢﴾

72. At (alalahanin) nang inyong patayin ang isang tao at kayo ay nagsipagtalu-talo sa isa't isa tungkol sa krimen. At si Allah ang maglalantad ng inyong inililingid.

فَقُلْنَا ٱضْرِبُوهُ بِبَعْضِهَا ۚ كَذَٰلِكَ يُحْىِ ٱللَّهُ ٱلْمَوْتَىٰ وَيُرِيكُمْ ءَايَٰتِهِۦ لَعَلَّكُمْ تَعْقِلُونَ ﴿٧٣﴾

73. Kaya't Aming winika: "Inyong hampasin siya (ang patay na katawan) ng isang piraso (ng kinatay na baka)." Sa ganito (o paraan) ibabalik ni Allah ang mga patay sa pagkabuhay at ipinamamalas Niya sa inyo ang Kanyang *Ayat*

(mga kapahayagan, aral, katibayan, tanda, atbp.) upang kayo ay magkaroon ng pang-unawa.

ثُمَّ قَسَتْ قُلُوبُكُم مِّنۢ بَعْدِ ذَٰلِكَ فَهِىَ كَٱلْحِجَارَةِ أَوْ أَشَدُّ قَسْوَةً ۚ وَإِنَّ مِنَ ٱلْحِجَارَةِ لَمَا يَتَفَجَّرُ مِنْهُ ٱلْأَنْهَٰرُ ۚ وَإِنَّ مِنْهَا لَمَا يَشَّقَّقُ فَيَخْرُجُ مِنْهُ ٱلْمَآءُ ۚ وَإِنَّ مِنْهَا لَمَا يَهْبِطُ مِنْ خَشْيَةِ ٱللَّهِ ۗ وَمَا ٱللَّهُ بِغَٰفِلٍ عَمَّا تَعْمَلُونَ ﴿٧٤﴾

74. Ngunit pagkaraan nito, ang inyong puso ay naging matigas na parang bato o higit pa na naging malala sa katigasan. Sapagkat (katotohanang) may mga batuhan na bumubulwak mula rito (ang tubig) na naging mga ilog (na nagsisidaloy), at mayroong (mga bato), kung ito ay mabiyak, ay (binubukalan) ng tubig at (katotohanang) ang ibang (bato) ay nalalaglag dahil sa pagkatakot kay Allah. At si Allah ay walang hindi nalalaman sa inyong ginagawa.

۞ أَفَتَطْمَعُونَ أَن يُؤْمِنُوا۟ لَكُمْ وَقَدْ كَانَ فَرِيقٌ مِّنْهُمْ يَسْمَعُونَ كَلَٰمَ ٱللَّهِ ثُمَّ يُحَرِّفُونَهُۥ مِنۢ بَعْدِ مَا عَقَلُوهُ وَهُمْ يَعْلَمُونَ ﴿٧٥﴾

75. Kayo ba (na mga matatapat na sumasampalataya; mga Muslim) ay umaasa na sila (mga Hudyo) ay sasampalataya sa inyong relihiyon, kahima't ang ilang pangkat sa lipon nila (ang mga Hudyo na may kaalaman sa kanilang relihiyon) ay palaging nakakarinig ng Salita ni Allah (ang *Torah* [mga Batas]); at makaraan, sila ay tandisang nagbabago nito (sadya nilang binabago ang kahulugan o pinapalitan ang mga salita nito) matapos na ito ay kanilang naunawaan?

وَإِذَا لَقُوا۟ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ قَالُوٓا۟ ءَامَنَّا ۖ وَإِذَا خَلَا بَعْضُهُمْ إِلَىٰ بَعْضٍ قَالُوٓا۟ أَتُحَدِّثُونَهُم بِمَا فَتَحَ ٱللَّهُ عَلَيْكُمْ لِيُحَآجُّوكُم بِهِۦ عِندَ رَبِّكُمْ ۚ أَفَلَا تَعْقِلُونَ ﴿٧٦﴾

76. (Pagmalasin!) At kung kanilang (ang mga Hudyo) nakakadaupang-palad ang mga sumasampalataya (ang mga Muslim), sila (ang mga Hudyo) ay nagsasabi: "Kami ay sumasampalataya", datapuwa't kung sila ay nag-iisa na lamang sa isa't isa (nangagkakatipon sa kubli), sila ay nagsasabi: "Ipangungusap ba ninyo (O Hudyo!) sa kanila (Muslim) kung ano ang ipinahayag ni Allah sa inyo (tungkol sa nababanggit kay Propeta Muhammad sa *Torah* [mga Batas]), upang sila ay makipagtalo sa inyo tungkol dito sa harapan ng inyong Panginoon?" Hindi baga ninyo ginagamit ang inyong mga talino?"

أَوَلَا يَعْلَمُونَ أَنَّ ٱللَّهَ يَعْلَمُ مَا يُسِرُّونَ وَمَا يُعْلِنُونَ ﴿٧٧﴾

77. Hindi baga nila (ang mga Hudyo) nababatid na talastas ni Allah ang kanilang inililingid at kanilang inilalantad?

وَمِنْهُمْ أُمِّيُّونَ لَا يَعْلَمُونَ ٱلْكِتَٰبَ إِلَّآ أَمَانِيَّ وَإِنْ هُمْ إِلَّا يَظُنُّونَ ﴿٧٨﴾

78. At mayroong mga tao sa lipon nila (mga Hudyo) ang mga mangmang na hindi nakakaalam (sa nakapaloob) sa Aklat (*Torah*), maliban sa maling pagnanasa at sila ay gumagawa lamang ng sapantaha.

فَوَيْلٌ لِّلَّذِينَ يَكْتُبُونَ ٱلْكِتَٰبَ بِأَيْدِيهِمْ ثُمَّ يَقُولُونَ هَٰذَا مِنْ عِندِ ٱللَّهِ لِيَشْتَرُوا۟ بِهِۦ ثَمَنًا قَلِيلًا ۖ فَوَيْلٌ لَّهُم مِّمَّا كَتَبَتْ أَيْدِيهِمْ وَوَيْلٌ لَّهُم مِّمَّا يَكْسِبُونَ ﴿٧٩﴾

79. Kung gayon, kasawian (sa kaparusahan) sa mga sumusulat ng Aklat sa kanilang sariling mga kamay at nagsasabi: "Ito ay mula kay Allah", upang kumita lamang sa pamamagitan nito ng isang maliit na halaga! Kasawian (sa kaparusahan) sa kanila, sa anumang sinulat ng kanilang mga kamay at kasawian (sa kaparusahan) sa kanila sa anumang kanilang kinita.

وَقَالُوا۟ لَن تَمَسَّنَا ٱلنَّارُ إِلَّآ أَيَّامًا مَّعْدُودَةً ۚ قُلْ أَتَّخَذْتُمْ عِندَ ٱللَّهِ عَهْدًا فَلَن يُخْلِفَ ٱللَّهُ عَهْدَهُۥٓ ۖ أَمْ تَقُولُونَ عَلَى ٱللَّهِ مَا لَا تَعْلَمُونَ ﴿٨٠﴾

80. At sila (ang mga Hudyo) ay nagsasabi: "Ang Apoy ay hindi sasayad sa amin (sa Kabilang Buhay) maliban lamang sa ilang natatakdaang araw." Ipagbadya (O Muhammad): "Kayo baga ay kumuha ng Kasunduan mula kay Allah (tungkol dito); at kailanman, Siya ay hindi sumisira sa Kanyang pangako? O kayo baga ay nagsasabi ng tungkol kay Allah ng wala kayong kaalaman?"

بَلَىٰ مَن كَسَبَ سَيِّئَةً وَأَحَٰطَتْ بِهِۦ خَطِيٓـَٔتُهُۥ فَأُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلنَّارِ ۖ هُمْ فِيهَا خَٰلِدُونَ ﴿٨١﴾

81. Tunay nga! Sinumang gumawa ng kasamaan, at ang kanyang kasalanan ay pumalibot sa kanya; sila ang magsisipanirahan sa Apoy (Impiyerno); mamamalagi sila rito magpakailanman.

وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ أُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلْجَنَّةِ ۖ هُمْ فِيهَا خَٰلِدُونَ ﴿٨٢﴾

82. At ang mga nananampalataya at nagsisigawa ng kabutihan, sila ang mga magsisipanirahan sa Paraiso; mamamalagi sila rito magpakailanman.

وَإِذْ أَخَذْنَا مِيثَٰقَ بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ لَا تَعْبُدُونَ إِلَّا ٱللَّهَ وَبِٱلْوَٰلِدَيْنِ إِحْسَانًا وَذِى ٱلْقُرْبَىٰ وَٱلْيَتَٰمَىٰ وَٱلْمَسَٰكِينِ وَقُولُوا۟ لِلنَّاسِ حُسْنًا وَأَقِيمُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ وَءَاتُوا۟ ٱلزَّكَوٰةَ ثُمَّ تَوَلَّيْتُمْ إِلَّا قَلِيلًا مِّنكُمْ وَأَنتُم مُّعْرِضُونَ ﴿٨٣﴾

83. At (alalahanin) nang Kami ay kumuha ng isang Kasunduan mula sa Angkan ng Israel (na nagsasabi): "Huwag kayong sumamba maliban lamang kay Allah at maging masunurin at mabuti sa inyong mga magulang, sa mga kamag-anak, sa mga ulila at sa mga mahihirap (na nagpapalimos); kayo ay mangusap nang makatuwiran sa mga tao; maging matimtiman sa pag-aalay ng *Salah* (takdang pagdarasal); at magbigay ng *Zakah* (katungkulang

kawanggawa).” (Nguni’t) makaraan, kayo ay tumalikod, maliban lamang sa ilan sa inyo, at kayo ay tumatalikod (sa kasunduan [nanunumbalik sa dating masamang gawi]).

وَإِذْ أَخَذْنَا مِيثَٰقَكُمْ لَا تَسْفِكُونَ دِمَآءَكُمْ وَلَا تُخْرِجُونَ أَنفُسَكُم مِّن دِيَٰرِكُمْ ثُمَّ أَقْرَرْتُمْ وَأَنتُمْ تَشْهَدُونَ ﴿٨٤﴾

84. At (alalahanin) nang Aming kinuha ang inyong Kasunduan (na nagsasabi): “Huwag ninyong padanakin ang dugo ng inyong pamayanan, at huwag ninyong itaboy ang inyong pamayanan sa kanilang tirahan.” Pagkaraan, ito ay inyong pinagtibay at dito kayo ay nagbigay-saksi.

ثُمَّ أَنتُمْ هَٰٓؤُلَآءِ تَقْتُلُونَ أَنفُسَكُمْ وَتُخْرِجُونَ فَرِيقًا مِّنكُم مِّن دِيَٰرِهِمْ تَظَٰهَرُونَ عَلَيْهِم بِٱلْإِثْمِ وَٱلْعُدْوَٰنِ وَإِن يَأْتُوكُمْ أُسَٰرَىٰ تُفَٰدُوهُمْ وَهُوَ مُحَرَّمٌ عَلَيْكُمْ إِخْرَاجُهُمْ ۚ أَفَتُؤْمِنُونَ بِبَعْضِ ٱلْكِتَٰبِ وَتَكْفُرُونَ بِبَعْضٍ ۚ فَمَا جَزَآءُ مَن يَفْعَلُ ذَٰلِكَ مِنكُمْ إِلَّا خِزْىٌ فِى ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا ۖ وَيَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ يُرَدُّونَ إِلَىٰٓ أَشَدِّ ٱلْعَذَابِ ۗ وَمَا ٱللَّهُ بِغَٰفِلٍ عَمَّا تَعْمَلُونَ ﴿٨٥﴾

85. Pagkaraan nito, kayo (ngayon) ang umuutas ng inyong sarili (nagpapatayan sa isa’t isa) at inyong itinataboy ang isang pangkat sa inyo sa kanilang mga tahanan; kayo ay tumutulong (sa kanilang mga kaaway) laban sa kanila sa kasalanan at pagsuway. At kung sila ay dumating sa inyo bilang mga bihag, inyong ipinatutubos sila bagama’t ang pagtataboy sa kanila ay ipinagbabawal sa inyo. Kayo ba ay naniniwala lamang sa bahagi ng Kasulatan at nagtatakwil sa iba pa? Datapuwa’t ano ang kabayaran sa inyo na may pag-uugaling ganito, maliban sa kahihiyan sa buhay sa mundong ito? At sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sila ay isasadlak sa kasakit-sakit na kaparusahan, at si Allah ay walang hindi nalalaman sa inyong ginagawa.

أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ ٱشْتَرَوُا۟ ٱلْحَيَوٰةَ ٱلدُّنْيَا بِٱلْءَاخِرَةِ ۖ فَلَا يُخَفَّفُ عَنْهُمُ ٱلْعَذَابُ وَلَا هُمْ يُنصَرُونَ ﴿٨٦﴾

86. Sila ang mga tao na ipinagpalit ang kanilang buhay sa mundong ito sa Kabilang Buhay. Ang kanilang kaparusahan ay hindi pagagaanin at sila rin ay hindi matutulungan.

وَلَقَدْ ءَاتَيْنَا مُوسَى ٱلْكِتَٰبَ وَقَفَّيْنَا مِنۢ بَعْدِهِۦ بِٱلرُّسُلِ ۖ وَءَاتَيْنَا عِيسَى ٱبْنَ مَرْيَمَ ٱلْبَيِّنَٰتِ وَأَيَّدْنَٰهُ بِرُوحِ ٱلْقُدُسِ ۗ أَفَكُلَّمَا جَآءَكُمْ رَسُولٌۢ بِمَا لَا تَهْوَىٰٓ أَنفُسُكُمُ ٱسْتَكْبَرْتُمْ فَفَرِيقًا كَذَّبْتُمْ وَفَرِيقًا تَقْتُلُونَ ﴿٨٧﴾

87. At katotohanang Aming ibinigay kay Moises ang Aklat (Kasulatan) at Aming sinundan siya ng marami pang Tagapagbalita (mga Propeta mula sa Angkan ng Israel). At Aming ibinigay kay Hesus na anak ni Maria ang malilinaw na *Ayat* (mga himala, tanda, aral, kapahayagan, katibayan, atbp., na nagpapatotoo sa kanya) at Aming pinatatag siya (sa pamamagitan) ng Banal na Espiritu (Gabriel).

Hindi ba (gayon nga), na kailanma't may dumatal na Tagapagbalita (Sugo) sa inyo na hindi ninyo naiibigan, kayo ay napupuspos ng kapalaluan? Ang iba ay inyong pinabubulaanan (itinatakwil at tinatawag na nagbabalatkayo) at ang iba ay inyong pinapatay!

88. At sila ay nagsasabi: "Ang aming puso ay nababalutan (alalaong baga, hindi na nakikinig at nakakaunawa ng salita ni Allah)." Kaya't si Allah ang sumumpa sa kanila dahilan sa kanilang pagtatakwil (kay Muhammad at kawalan ng pananalig); kakarampot lamang ang kanilang paniniwala.

وَقَالُوا۟ قُلُوبُنَا غُلْفٌۢ ۚ بَل لَّعَنَهُمُ ٱللَّهُ بِكُفْرِهِمْ فَقَلِيلًا مَّا يُؤْمِنُونَ ﴿٨٨﴾

89. At nang may dumatal sa kanila (ang mga Hudyo) na isang Aklat (ang Qur'an) mula kay Allah na nagpapatotoo kung ano ang nasa kanila (*Torah* [mga Batas] at Ebanghelyo), bagama't noong una ay nananawagan sila kay Allah na tulungan sila (sa pamamagitan ng pagdatal ni Muhammad, upang sila ay magkamit ng tagumpay) laban sa mga walang pananampalataya. At nang dumatal na sa kanila (si Muhammad) na kanilang nakilala (na hindi maipagkakaila, sa pamamagitan ng kanyang mga katangian na nababanggit sa *Torah*), sila ay tumanggi na manalig sa kanya. (Kaya't hayaang) ang Sumpa ni Allah ay mapataw sa mga walang pananampalataya.

وَلَمَّا جَآءَهُمْ كِتَٰبٌ مِّنْ عِندِ ٱللَّهِ مُصَدِّقٌ لِّمَا مَعَهُمْ وَكَانُوا۟ مِن قَبْلُ يَسْتَفْتِحُونَ عَلَى ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ فَلَمَّا جَآءَهُم مَّا عَرَفُوا۟ كَفَرُوا۟ بِهِۦ ۚ فَلَعْنَةُ ٱللَّهِ عَلَى ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٨٩﴾

90. Kaaba-aba ang pinili nila sa kanilang sarili (kaluluwa), na sila ay hindi magsisisampalataya (sa bagay) na ipinahayag ni Allah sa kanila (ang Qur'an), na nagngingitngit ang kanilang kalooban na ipinahayag Niya ang Kanyang Biyaya (ang Qur'an) sa sinumang Kanyang maibigan sa Kanyang mga alipin. Kaya't namayani sa kanilang (sarili) ang sunud-sunod na pagkapoot ni Allah. At sa mga walang pananampalataya ay mayroong kahiya-hiyang kaparusahan.

بِئْسَمَا ٱشْتَرَوْا۟ بِهِۦٓ أَنفُسَهُمْ أَن يَكْفُرُوا۟ بِمَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ بَغْيًا أَن يُنَزِّلَ ٱللَّهُ مِن فَضْلِهِۦ عَلَىٰ مَن يَشَآءُ مِنْ عِبَادِهِۦ ۖ فَبَآءُو بِغَضَبٍ عَلَىٰ غَضَبٍ ۚ وَلِلْكَٰفِرِينَ عَذَابٌ مُّهِينٌ ﴿٩٠﴾

91. At kapag (ito) ay ipinagbadya sa kanila (mga Hudyo): "Magsisampalataya kayo sa mga ipinahayag ni Allah (ang Qur'an)", sila ay nagsasabi: "Kami ay sasampalataya lamang sa

وَإِذَا قِيلَ لَهُمْ ءَامِنُوا۟ بِمَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ قَالُوا۟ نُؤْمِنُ بِمَآ أُنزِلَ عَلَيْنَا وَيَكْفُرُونَ بِمَا

ipinahayag sa amin (sa aming mga Propeta)", at kanilang itinakwil ang (iba pang ipinahayag) na bukod dito, bagama't ito ang katotohanan na nagpapatotoo kung ano ang nasa kanila (ang *Torah*). Ipagbadya mo (O Muhammad sa kanila): "Bakit ninyo pinatay ang mga Propeta ni Allah noon pa mang una, kung kayo ay katotohanang nananampalataya?"

وَرَآءَهُۥ وَهُوَ ٱلْحَقُّ مُصَدِّقًا لِّمَا مَعَهُمْ ۗ قُلْ فَلِمَ تَقْتُلُونَ أَنۢبِيَآءَ ٱللَّهِ مِن قَبْلُ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ﴿٩١﴾

92. At katotohanang si Moises ay dumatal sa inyo na may malilinaw na himala (mga katibayan na nagpapatotoo sa kanya); at makaraan, ay sinamba ninyo ang batang baka (na yari sa ginto) sa kanyang pansamantalang pagkawala; at kayo ay gumawa ng kasuklam-suklam na kamalian.

۞ وَلَقَدْ جَآءَكُم مُّوسَىٰ بِٱلْبَيِّنَٰتِ ثُمَّ ٱتَّخَذْتُمُ ٱلْعِجْلَ مِنۢ بَعْدِهِۦ وَأَنتُمْ ظَٰلِمُونَ ﴿٩٢﴾

93. At (alalahanin) nang Aming kinuha ang inyong Kasunduan (na kayo ay sasampalataya kay Allah) at Aming itinaas (nang higit sa inyo) ang bundok ng Tur (Sinai) na (nagsasabi): "Manangan kayo nang matatag (sa anumang) ipinagkaloob Namin sa inyo at makinig (sa Batas; baka mangyari na Aming paguhuin ang bundok na ito sa inyo)." Sila ay nagsabi: "Kami ay nakarinig at kami ay sumuway." At ang kanilang puso ay nalagom (ng pagsamba) sa batang baka dahilan sa kawalan nila ng pananampalataya. Ipagbadya mo (O Muhammad, sa kanila): "Kaaba-aba ang ipinag-uutos ng inyong pananampalataya sa inyo; kung kayo nga ay mayroong tunay na pananampalataya (sa Aming ipinahayag sa inyo)!"

وَإِذْ أَخَذْنَا مِيثَٰقَكُمْ وَرَفَعْنَا فَوْقَكُمُ ٱلطُّورَ خُذُوا۟ مَآ ءَاتَيْنَٰكُم بِقُوَّةٍ وَٱسْمَعُوا۟ ۖ قَالُوا۟ سَمِعْنَا وَعَصَيْنَا وَأُشْرِبُوا۟ فِى قُلُوبِهِمُ ٱلْعِجْلَ بِكُفْرِهِمْ ۚ قُلْ بِئْسَمَا يَأْمُرُكُم بِهِۦٓ إِيمَٰنُكُمْ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ﴿٩٣﴾

94. Ipagbadya mo (O Muhammad, sa kanila): "Kung ang Paraiso sa Kabilang Buhay na (hawak) ni Allah ay katiyakan na tanging sa inyo lamang, at hindi para sa iba ng sangkatauhan (dahilan sa kayo ay nagsasabi na kayo ay mga anak ni Allah at Kanyang minamahal), kung gayon, ay inyong hangarin ang inyong kamatayan kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan."

قُلْ إِن كَانَتْ لَكُمُ ٱلدَّارُ ٱلْءَاخِرَةُ عِندَ ٱللَّهِ خَالِصَةً مِّن دُونِ ٱلنَّاسِ فَتَمَنَّوُا۟ ٱلْمَوْتَ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿٩٤﴾

95. (Datapuwa't) kailanman, sila ay hindi maghahangad ng kamatayan, dahilan sa mga kasalanan na kanilang nagawa (at batid nila na sila ay hindi papayagang makapasok sa Paraiso).

وَلَن يَتَمَنَّوْهُ أَبَدًۢا بِمَا قَدَّمَتْ أَيْدِيهِمْ ۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌۢ بِٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٩٥﴾

At si Allah ang Ganap na Nakababatid sa *Zalimun* (mga tampalasan, buhong, buktot, mapaggawa ng kamalian).

وَلَتَجِدَنَّهُمْ أَحْرَصَ ٱلنَّاسِ عَلَىٰ حَيَوٰةٍ وَمِنَ ٱلَّذِينَ أَشْرَكُوا۟ ۚ يَوَدُّ أَحَدُهُمْ لَوْ يُعَمَّرُ أَلْفَ سَنَةٍ وَمَا هُوَ بِمُزَحْزِحِهِۦ مِنَ ٱلْعَذَابِ أَن يُعَمَّرَ ۗ وَٱللَّهُ بَصِيرٌۢ بِمَا يَعْمَلُونَ ﴿٩٦﴾

96. At katotohanang inyong matatagpuan sila; sa lahat ng mga tao, na pinakasakim sa buhay, na (higit pang sakim) sa mga nag-aakibat ng mga katambal kay Allah (ang mga pagano, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, atbp.). Ang bawat isa sa kanila ay naghahangad na sila ay mabigyan ng buhay na isang libong taon. Datapuwa't ang pagbibigay sa kanila ng gayong buhay ay hindi makapagliligtas sa kanila sa (nararapat) na kaparusahan, sapagkat si Allah ang Lubos na Nakamamasid ng lahat nilang ginagawa.

قُلْ مَن كَانَ عَدُوًّا لِّجِبْرِيلَ فَإِنَّهُۥ نَزَّلَهُۥ عَلَىٰ قَلْبِكَ بِإِذْنِ ٱللَّهِ مُصَدِّقًا لِّمَا بَيْنَ يَدَيْهِ وَهُدًى وَبُشْرَىٰ لِلْمُؤْمِنِينَ ﴿٩٧﴾

97. Ipagbadya mo (O Muhammad): "Sinuman ang maging kaaway ni Gabriel (hayaan siyang mamatay sa kanyang pagkapoot, sapagkat katotohanang) siya (si Gabriel) ang nagparating ng Qur'an sa inyong puso sa kapahintulutan ni Allah; na nagpatotoo sa mga naunang Kasulatan (ang *Torah* [mga Batas] at Ebanghelyo) at naging patnubay, at nagbibigay ng magandang balita sa mga sumasampalataya.

مَن كَانَ عَدُوًّا لِّلَّهِ وَمَلَٰٓئِكَتِهِۦ وَرُسُلِهِۦ وَجِبْرِيلَ وَمِيكَىٰلَ فَإِنَّ ٱللَّهَ عَدُوٌّ لِّلْكَٰفِرِينَ ﴿٩٨﴾

98. Sinuman ang maging kaaway ni Allah, ng Kanyang mga anghel, ng Kanyang mga Tagapagbalita (Sugo), ni Gabriel at ni Mikael, kung gayon, katotohanang si Allah ay naging kaaway ng mga hindi sumasampalataya.

وَلَقَدْ أَنزَلْنَآ إِلَيْكَ ءَايَٰتٍۭ بَيِّنَٰتٍ ۖ وَمَا يَكْفُرُ بِهَآ إِلَّا ٱلْفَٰسِقُونَ ﴿٩٩﴾

99. At katotohanang ipinahayag Namin sa iyo ang malilinaw na *Ayat* (Tanda, ang mga talata ng Qur'an na masusing nagpapahiwatig hinggil sa balita ng mga Hudyo at ang kanilang lihim na layunin), at walang nagtatakwil dito maliban sa mga mapaghimagsik.

أَوَكُلَّمَا عَٰهَدُوا۟ عَهْدًا نَّبَذَهُۥ فَرِيقٌ مِّنْهُم ۚ بَلْ أَكْثَرُهُمْ لَا يُؤْمِنُونَ ﴿١٠٠﴾

100. Hindi ba (gayon nga), na sa bawat panahon na gumawa sila ng kasunduan, ang ilang pangkat sa kanila ay nagwawalang bahala? Hindi! Sa katotohanan, ang karamihan sa kanila ay hindi sumasampalataya.

وَلَمَّا جَآءَهُمْ رَسُولٌ مِّنْ عِندِ ٱللَّهِ مُصَدِّقٌ لِّمَا مَعَهُمْ نَبَذَ فَرِيقٌ مِّنَ ٱلَّذِينَ

101. At nang dumatal sa kanila ang isang Sugo (Muhammad) mula kay Allah na nagpapatotoo

ng Kasulatan (*Torah*) na nasa kanila, ang isang pangkat sa lipon nila (mga Hudyo) na nang binigyan ng Kasulatan ay naghagis ng Aklat ni Allah sa kanilang likuran (alalaong baga, tumanggi sila) na wari bang ito (ay isang bagay) na hindi nila nababatid!

أُوتُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ كِتَٰبَ ٱللَّهِ وَرَآءَ ظُهُورِهِمْ كَأَنَّهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ﴿١٠١﴾

102. Sinusunod nila (ang mga Hudyo) kung ano ang itinuturo ng mga demonyo (ang kasinungalingan ng mga salamangka) sa panahon ni Solomon. Si Solomon ay hindi nawalan ng pananampalataya, datapuwa't ang mga demonyo ay hindi sumampalataya, na nagtuturo sa mga tao ng salamangka. Gayundin, (sinusunod ng mga Hudyo) ang salamangka na dumating (bilang pagsubok sa mga tao, sa pamamagitan) ng dalawang anghel sa Babilonia (Iraq), si Harut at si Marut, datapuwa't ang sinuman sa kanilang dalawa ay hindi nagturo sa kaninuman (ng salamangka) hangga't hindi sila nakakapagsabi: "Kami ay para sa pagsubok lamang, kaya't huwag kayong mawalan ng pananalig (o magtakwil sa pananampalataya, sa pamamagitan ng pag-aaral ng ganitong salamangka mula sa amin). Napag-aralan nila sa kanila (mga anghel) ang mga paraan upang magtanim ng di pagkakaunawaan sa pagitan ng lalaki at kanyang asawa (upang sila ay magkahiwalay). Datapuwa't hindi nila maipapahamak ang sinuman maliban lamang na pahintulutan ito ni Allah. At natutuhan nila rito kung ano ang pumipinsala sa kanila at hindi nakakapagbigay ng kapakinabangan sa kanila. At napag-alaman nila na ang mga tumatangkilik sa salamangka ay walang bahagi ng kaligayahan sa Kabilang Buhay. At kabuktutan (ang salamangka) na kanilang ipinagpalit (sa pananampalataya) para sa kanilang sarili (kaluluwa), kung kanila lamang nalalaman!

وَٱتَّبَعُوا۟ مَا تَتْلُوا۟ ٱلشَّيَٰطِينُ عَلَىٰ مُلْكِ سُلَيْمَٰنَ ۖ وَمَا كَفَرَ سُلَيْمَٰنُ وَلَٰكِنَّ ٱلشَّيَٰطِينَ كَفَرُوا۟ يُعَلِّمُونَ ٱلنَّاسَ ٱلسِّحْرَ وَمَآ أُنزِلَ عَلَى ٱلْمَلَكَيْنِ بِبَابِلَ هَٰرُوتَ وَمَٰرُوتَ ۚ وَمَا يُعَلِّمَانِ مِنْ أَحَدٍ حَتَّىٰ يَقُولَآ إِنَّمَا نَحْنُ فِتْنَةٌ فَلَا تَكْفُرْ ۖ فَيَتَعَلَّمُونَ مِنْهُمَا مَا يُفَرِّقُونَ بِهِۦ بَيْنَ ٱلْمَرْءِ وَزَوْجِهِۦ ۚ وَمَا هُم بِضَآرِّينَ بِهِۦ مِنْ أَحَدٍ إِلَّا بِإِذْنِ ٱللَّهِ ۚ وَيَتَعَلَّمُونَ مَا يَضُرُّهُمْ وَلَا يَنفَعُهُمْ ۚ وَلَقَدْ عَلِمُوا۟ لَمَنِ ٱشْتَرَىٰهُ مَا لَهُۥ فِى ٱلْءَاخِرَةِ مِنْ خَلَٰقٍ ۚ وَلَبِئْسَ مَا شَرَوْا۟ بِهِۦٓ أَنفُسَهُمْ ۚ لَوْ كَانُوا۟ يَعْلَمُونَ ﴿١٠٢﴾

103. Kung sila (na mga Hudyo) ay naniwala (kay Muhammad) at may pagkatakot (sa kaparusahan), higit na mainam sana ang gantimpala mula kay Allah kung kanila lamang nalalaman!

وَلَوْ أَنَّهُمْ ءَامَنُوا۟ وَٱتَّقَوْا۟ لَمَثُوبَةٌ مِّنْ عِندِ ٱللَّهِ خَيْرٌ ۖ لَّوْ كَانُوا۟ يَعْلَمُونَ ﴿١٠٣﴾

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَقُولُوا۟ رَٰعِنَا وَقُولُوا۟ ٱنظُرْنَا وَٱسْمَعُوا۟ ۗ وَلِلْكَٰفِرِينَ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿١٠٤﴾

104. O kayong nananampalataya! Huwag ninyong sabihin (kay Muhammad) ang *"Ra'ina"* (Maging maingat, makinig ka sa amin at kami ay makikinig sa iyo), datapuwa't magsabi kayo ng *"Unzurna"* (Bigyan mo kami ng pansin upang kami ay makaunawa) at makinig (sa kanya). At sa mga walang pananampalataya ay mayroong kasakit-sakit na kaparusahan. (Bagama't ang *Ra'ina* at *Unzurna* ay masasabing magkasingkahulugan, sa wika ng mga Hudyo ang *Ra'ina* ay isang insulto).

مَّا يَوَدُّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِنْ أَهْلِ ٱلْكِتَٰبِ وَلَا ٱلْمُشْرِكِينَ أَن يُنَزَّلَ عَلَيْكُم مِّنْ خَيْرٍ مِّن رَّبِّكُمْ ۚ وَٱللَّهُ يَخْتَصُّ بِرَحْمَتِهِۦ مَن يَشَآءُ ۚ وَٱللَّهُ ذُو ٱلْفَضْلِ ٱلْعَظِيمِ ﴿١٠٥﴾

105. Hindi kailanman hinangad ng mga walang pananampalataya sa lipon ng Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano), gayundin ng mga nagtatambal (ng diyus-diyosan kay Allah sa pagsamba), na magnais na may anumang magandang bagay na dumatal sa inyo (maging ito ay Banal na Kasulatan o anumang kaalaman) mula sa inyong Panginoon. Subalit si Allah ang humihirang mula sa Kanyang Habag ng sinumang Kanyang mapusuan, at si Allah ang Nagmamay-ari ng Nag-uumapaw na Biyaya.

۞ مَا نَنسَخْ مِنْ ءَايَةٍ أَوْ نُنسِهَا نَأْتِ بِخَيْرٍ مِّنْهَآ أَوْ مِثْلِهَآ ۗ أَلَمْ تَعْلَمْ أَنَّ ٱللَّهَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿١٠٦﴾

106. (Walang) anumang *Ayah* (Talata ng Qur'an o kapahayagan) ang Aming sinusugan o hinayaang makalimutan, na hindi Namin pinalitan (ng isa ring *Ayah*) na higit na mainam o katumbas nito. Hindi mo ba nababatid (O Muhammad) na si Allah ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay?

أَلَمْ تَعْلَمْ أَنَّ ٱللَّهَ لَهُۥ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ وَمَا لَكُم مِّن دُونِ ٱللَّهِ مِن وَلِىٍّ وَلَا نَصِيرٍ ﴿١٠٧﴾

107. Hindi mo ba nababatid (O Muhammad) na si Allah ang nag-aangkin ng kapamahalaan ng mga kalangitan at kalupaan? At maliban kay Allah, kayo ay walang anumang *Wali* (tagapangalaga, tagapagtangkilik) o makakatulong.

أَمْ تُرِيدُونَ أَن تَسْـَٔلُوا۟ رَسُولَكُمْ كَمَا سُـُٔلَ مُوسَىٰ مِن قَبْلُ ۗ وَمَن يَتَبَدَّلِ ٱلْكُفْرَ بِٱلْإِيمَٰنِ فَقَدْ ضَلَّ سَوَآءَ ٱلسَّبِيلِ ﴿١٠٨﴾

108. O nais ba ninyong (ang mga Quraish) hilingan ang inyong Tagapagbalita (Muhammad) na katulad din nang si Moises ay hilingan noon (alalaong baga, ipakita mo sa amin ang iyong Panginoon)? Datapuwa't sinumang magpalit ng Pananampalataya sa (halip) ng kawalan ng Pananampalataya ay katotohanang napaligaw sa tuwid na landas.

وَدَّ كَثِيرٌ مِّنْ أَهْلِ ٱلْكِتَٰبِ لَوْ يَرُدُّونَكُم مِّنۢ بَعْدِ إِيمَٰنِكُمْ كُفَّارًا حَسَدًا مِّنْ عِندِ أَنفُسِهِم مِّنۢ بَعْدِ مَا تَبَيَّنَ لَهُمُ ٱلْحَقُّ ۖ فَٱعْفُوا۟ وَٱصْفَحُوا۟ حَتَّىٰ يَأْتِىَ ٱللَّهُ بِأَمْرِهِۦٓ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿١٠٩﴾

109. Marami sa Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ang nagnanais na muli kayong magbalik sa kawalan ng pananampalataya matapos na kayo ay manampalataya, dahilan sa pagkainggit (sa inyo), matapos na maging malinaw sa kanila ang katotohanan (na si Muhammad ay sugo ni Allah). Datapuwa't magpatawad at pabayaan (sila), hanggang sa ibigay ni Allah ang Kanyang Pag-uutos (tungkol sa pakikipaglaban sa kanila). Katotohanang si Allah ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

وَأَقِيمُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ وَءَاتُوا۟ ٱلزَّكَوٰةَ ۚ وَمَا تُقَدِّمُوا۟ لِأَنفُسِكُم مِّنْ خَيْرٍ تَجِدُوهُ عِندَ ٱللَّهِ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ بِمَا تَعْمَلُونَ بَصِيرٌ ﴿١١٠﴾

110. At maging matimtiman sa pag-aalay ng *Salah* (takdang pagdarasal) at magkaloob ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa), at anumang kabutihan (na kinalulugdan ni Allah) na inyong isinasagawa (sa mundong ito), ito ay matatagpuan ninyo kay Allah (alalaong baga, ang gantimpala). Katotohanang si Allah ang Lubos na Nakamamasid ng lahat ninyong ginagawa.

وَقَالُوا۟ لَن يَدْخُلَ ٱلْجَنَّةَ إِلَّا مَن كَانَ هُودًا أَوْ نَصَٰرَىٰ ۗ تِلْكَ أَمَانِيُّهُمْ ۗ قُلْ هَاتُوا۟ بُرْهَٰنَكُمْ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿١١١﴾

111. At sila ay nagsasabi: "Kailanman, walang sinuman ang makapapasok sa Paraiso maliban na siya ay Hudyo o Kristiyano." Ito ay kanilang (sinasapantahang) pagnanais (pag-aakala) lamang. Ipagbadya (sa kanila, O Muhammad): "Ipakita ninyo ang inyong katibayan kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan."

بَلَىٰ مَنْ أَسْلَمَ وَجْهَهُۥ لِلَّهِ وَهُوَ مُحْسِنٌ فَلَهُۥٓ أَجْرُهُۥ عِندَ رَبِّهِۦ وَلَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ﴿١١٢﴾

112. (Mali ang kanilang pag-aakala!). Katotohanang sinuman ang magsuko nang ganap ng kanyang sarili kay Allah at mapaggawa ng kabutihan, ay matatanggap niya ang gantimpala mula sa kanyang Panginoon. Sila ay walang dapat pangambahan , gayundin, sila ay walang kalumbayan.

وَقَالَتِ ٱلْيَهُودُ لَيْسَتِ ٱلنَّصَٰرَىٰ عَلَىٰ شَىْءٍ وَقَالَتِ ٱلنَّصَٰرَىٰ لَيْسَتِ ٱلْيَهُودُ عَلَىٰ شَىْءٍ وَهُمْ يَتْلُونَ ٱلْكِتَٰبَ ۗ كَذَٰلِكَ قَالَ ٱلَّذِينَ لَا يَعْلَمُونَ مِثْلَ قَوْلِهِمْ ۚ فَٱللَّهُ يَحْكُمُ بَيْنَهُمْ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ فِيمَا كَانُوا۟ فِيهِ يَخْتَلِفُونَ ﴿١١٣﴾

113. Ang mga Hudyo ay nagsasabi: "Ang mga Kristiyano ay walang pinanghahawakan (sila ay nasa maling pananampalataya)" at ang mga Kristiyano ay nagsasabi: "Ang mga Hudyo ay walang pinanghahawakan (nasa maling pananampalataya)." Datapuwa't sila ay kapwa nagpapamarali na kanilang pinag-aaralan (o dinadalit) ang (magkatulad) na Kasulatan. Ang

kanilang salita ay katulad din ng sinabi ng mga paganong (Arabo) na walang kaalaman (alalaong baga, sila ay nagsabi: sinuman ang naniniwala sa anumang relihiyon ay walang katibayan na pinanghahawakan). Datapuwa't si Allah ang hahatol sa kanilang pinag-aawayan sa Araw ng Paghuhukom.

وَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّن مَّنَعَ مَسَٰجِدَ ٱللَّهِ أَن يُذْكَرَ فِيهَا ٱسْمُهُۥ وَسَعَىٰ فِى خَرَابِهَآ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ مَا كَانَ لَهُمْ أَن يَدْخُلُوهَآ إِلَّا خَآئِفِينَ ۚ لَهُمْ فِى ٱلدُّنْيَا خِزْىٌ وَلَهُمْ فِى ٱلْءَاخِرَةِ عَذَابٌ عَظِيمٌ ﴿١١٤﴾

114. At sino pa kaya ang higit na di-makatarungan (mapang-api) maliban sa sinuman na nagbabawal na ang mga Pangalan ni Allah ay luwalhatiin at banggitin sa mga lugar ng pagsamba (mga *masjid*) at nagsusumikap na pinsalain (gibain o sirain) ang mga ito? Hindi isang katampatan na sila (ang mga mapang-api) ay pumasok (sa *Masjid*, ang Tahanan ni Allah) malibang sila ay may pangangamba (kay Allah). Sa kanila ay walang anupaman, maliban sa kahihiyan (kaparusahan) sa mundong ito, at sa Kabilang Buhay ay sasakanila ang nag-uumapaw na kaparusahan.

وَلِلَّهِ ٱلْمَشْرِقُ وَٱلْمَغْرِبُ ۚ فَأَيْنَمَا تُوَلُّوا۟ فَثَمَّ وَجْهُ ٱللَّهِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ وَٰسِعٌ عَلِيمٌ ﴿١١٥﴾

115. At si Allah ang nag-aangkin ng Silangan at Kanluran at kahit saan mang dako na iharap ninyo (ang inyong sarili sa pag-aalay ng *Salah* [takdang pagdarasal]) ay nandoroon ang Mukha ni Allah (Siya ang Pinakamataas sa Kanyang Luklukan). Katotohanang si Allah ay Puspos ng Panustos (walang hanggan ang Kanyang habag) sa pangangailangan ng Kanyang mga nilikha, ang Ganap na Maalam.

وَقَالُوا۟ ٱتَّخَذَ ٱللَّهُ وَلَدًا سُبْحَٰنَهُۥ ۖ بَل لَّهُۥ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ كُلٌّ لَّهُۥ قَٰنِتُونَ ﴿١١٦﴾

116. At sila (mga Hudyo, Kristiyano at Pagano) ay nagsasabi: "Si Allah ay nagkaroon ng anak (na lalaki)." Luwalhatiin Siya! Hindi! Siya ang nag-aangkin ng lahat ng mga nasa kalangitan at nasa kalupaan, at ang lahat ay nag-uukol ng pagsamba sa Kanya.

بَدِيعُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ وَإِذَا قَضَىٰٓ أَمْرًا فَإِنَّمَا يَقُولُ لَهُۥ كُن فَيَكُونُ ﴿١١٧﴾

117. Ang Pinagmulan (Lumikha) ng mga kalangitan at kalupaan; at kung Siya ay nagtakda (nagnais) ng isang bagay, Siya ay magwiwika lamang ng: "Mangyari nga!" at ito ay magaganap.

وَقَالَ ٱلَّذِينَ لَا يَعْلَمُونَ لَوْلَا يُكَلِّمُنَا ٱللَّهُ أَوْ تَأْتِينَآ ءَايَةٌ ۗ كَذَٰلِكَ قَالَ ٱلَّذِينَ

118. At ang mga walang kaalaman ay nagsabi: "Bakit kaya si Allah ay hindi makipag-usap sa

مِن قَبْلِهِم مِّثْلَ قَوْلِهِمْ تَشَٰبَهَتْ قُلُوبُهُمْ ۗ قَدْ بَيَّنَّا ٱلْءَايَٰتِ لِقَوْمٍ يُوقِنُونَ ﴿١١٨﴾

amin (nang harapan, upang ipaalam na ikaw [Muhammad] ay Sugo)? O magbigay (kaya) ng isang Tanda (himala na magpapatotoo sa iyo?)." Ito rin ang sinasabi ng mga tao na una pa sa kanila, sa gayon ding salita. Ang kanilang puso ay magkahalintulad. Katotohanan, Aming ginawang maliwanag ang mga Tanda sa mga tao na matatag (na nananangan) sa kanilang Pananampalataya (sa kanilang puso).

إِنَّآ أَرْسَلْنَٰكَ بِٱلْحَقِّ بَشِيرًا وَنَذِيرًا ۖ وَلَا تُسْـَٔلُ عَنْ أَصْحَٰبِ ٱلْجَحِيمِ ﴿١١٩﴾

119. Tunay ngang ikaw (O Muhammad) ay isinugo Namin sa Katotohanan (alalaong baga, ang Islam) bilang tagapagdala ng magandang balita tungkol sa Paraiso (ang mga sasampalataya sa iyong dinala ay papasok sa Paraiso) at isang Tagapagbabala tungkol sa Impiyerno (ang mga hindi sasampalataya sa iyong dinala ay papasok sa Impiyerno) ; at ikaw ay hindi tatanungin tungkol sa mga magsisipanirahan sa Naglalagablab na Apoy.

وَلَن تَرْضَىٰ عَنكَ ٱلْيَهُودُ وَلَا ٱلنَّصَٰرَىٰ حَتَّىٰ تَتَّبِعَ مِلَّتَهُمْ ۗ قُلْ إِنَّ هُدَى ٱللَّهِ هُوَ ٱلْهُدَىٰ ۗ وَلَئِنِ ٱتَّبَعْتَ أَهْوَآءَهُم بَعْدَ ٱلَّذِى جَآءَكَ مِنَ ٱلْعِلْمِ ۙ مَا لَكَ مِنَ ٱللَّهِ مِن وَلِىٍّ وَلَا نَصِيرٍ ﴿١٢٠﴾

120. At kailanman, ang mga Hudyo at mga Kristiyano ay hindi masisiyahan sa iyo (O Muhammad) maliban lamang na iyong sundin ang paraan ng kanilang pananampalataya (relihiyon). Ipagbadya (sa kanila): "Katotohanan, ang Patnubay ni Allah (ang Islam), ito ang tanging patnubay lamang (ang tunay na Relihiyon)." At kung ikaw (O Muhammad) ay sumunod sa kanilang nais, pagkaraan na iyong matanggap ang Karunungan (ang Qur'an), kung magkagayon, ikaw ay hindi makakatagpo ng anumang *Wali* (Tagapangalaga at Tagapangtangkilik) o makakatulong, laban kay Allah.

ٱلَّذِينَ ءَاتَيْنَٰهُمُ ٱلْكِتَٰبَ يَتْلُونَهُۥ حَقَّ تِلَاوَتِهِۦٓ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ يُؤْمِنُونَ بِهِۦ ۗ وَمَن يَكْفُرْ بِهِۦ فَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْخَٰسِرُونَ ﴿١٢١﴾

121. Ang mga binigyan Namin ng Aklat (*Torah* [mga Batas] at Ebanghelyo) ay nag-aaral nito (ang Qur'an) nang husto sa paraang nararapat na pag-aaral (alalaong baga, dumadalit at sumusunod sa mga pag-uutos at mga aral nito); sila ang magsisipaniwala sa Qur'an. At sinuman ang magtatakwil ng pananalig dito (sa Qur'an), sila yaong mga talunan (nangalugi).

يَٰبَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ ٱذْكُرُوا۟ نِعْمَتِىَ ٱلَّتِىٓ أَنْعَمْتُ عَلَيْكُمْ وَأَنِّى فَضَّلْتُكُمْ عَلَى ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿١٢٢﴾

122. O Angkan ng Israel! Alalahanin ninyo ang Aking Biyaya na Aking ipinagkaloob sa inyo at kayo ay higit Kong pinahalagahan kaysa sa lahat

ng mga nilalang (sa inyong kapanahunan na lumipas).

123. At inyong pangambahan ang Araw ng Muling Pagkabuhay, na walang isa mang kaluluwa ang makakaasa sa tulong ng iba; at walang kabayaran ang tatanggapin mula sa kanya, gayundin ang pamamagitan (ng iba) ay walang saysay sa kanya, at sila rin ay hindi matutulungan.

وَٱتَّقُوا۟ يَوْمًا لَّا تَجْزِى نَفْسٌ عَن نَّفْسٍ شَيْـًٔا وَلَا يُقْبَلُ مِنْهَا عَدْلٌ وَلَا تَنفَعُهَا شَفَٰعَةٌ وَلَا هُمْ يُنصَرُونَ ﴿١٢٣﴾

124. At (alalahanin) nang si Abraham ay sinubukan ng kanyang Panginoon sa pamamagitan ng natatanging Pag-uutos na kanyang tinupad. Siya (Allah) ay nagwika sa kanya: "Katotohanan, ikaw ay Aking gagawin na isang pinuno (Propeta) ng sangkatauhan." (Si Abraham) ay nanikluhod: "Gayundin ang aking mga anak (lahi) bilang mga pinuno." (Si Allah) ay nagwika: "Ang Aking Kasunduan (paghirang sa Propeta, atbp.) ay hindi nakasasakop sa *Zalimun* (mga tampalasan, mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian at mapang-api)."

۞ وَإِذِ ٱبْتَلَىٰٓ إِبْرَٰهِـۧمَ رَبُّهُۥ بِكَلِمَٰتٍ فَأَتَمَّهُنَّ ۖ قَالَ إِنِّى جَاعِلُكَ لِلنَّاسِ إِمَامًا ۖ قَالَ وَمِن ذُرِّيَّتِى ۖ قَالَ لَا يَنَالُ عَهْدِى ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿١٢٤﴾

125. At (alalahanin) nang Aming gawin ang Tahanan (ang *Ka'ba* sa Makkah) bilang isang lugar ng pagtitipon sa mga tao at isang lugar ng kaligtasan. At inyong gawin ang *Maqam* (Himpilan) ni Abraham bilang isang lugar ng dalanginan (ito ang bato kung saan tumuntong si Abraham habang itinatayo niya ang *Ka'ba*) at Aming ipinag-utos kina Abraham at Ismail na nararapat nilang dalisayin ang Aking Tahanan sa mga mararumi at mga diyus-diyosan (upang ito ay maging handa) sa mga tao na pumapalibot dito, o namamalagi rito (*E'tikaf* o pag-aala-ala kay Allah), o sa mga nag-aalay ng *Salah* (yumuyuko at nagpapatirapa sa pananalangin).

وَإِذْ جَعَلْنَا ٱلْبَيْتَ مَثَابَةً لِّلنَّاسِ وَأَمْنًا ۖ وَٱتَّخِذُوا۟ مِن مَّقَامِ إِبْرَٰهِـۧمَ مُصَلًّى ۖ وَعَهِدْنَآ إِلَىٰٓ إِبْرَٰهِـۧمَ وَإِسْمَٰعِيلَ أَن طَهِّرَا بَيْتِىَ لِلطَّآئِفِينَ وَٱلْعَٰكِفِينَ وَٱلرُّكَّعِ ٱلسُّجُودِ ﴿١٢٥﴾

126. At (alalahanin) nang sabihin ni Abraham: "Aking Panginoon, gawin Ninyo na ang lungsod na ito (Makkah) ay maging isang lugar ng kaligtasan at Inyong biyayaan ang nagsisipanirahan dito ng mga bungangkahoy, lalo na yaong mga sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw. Siya (Allah) ay nagwika: "At

وَإِذْ قَالَ إِبْرَٰهِـۧمُ رَبِّ ٱجْعَلْ هَٰذَا بَلَدًا ءَامِنًا وَٱرْزُقْ أَهْلَهُۥ مِنَ ٱلثَّمَرَٰتِ مَنْ ءَامَنَ مِنْهُم بِٱللَّهِ وَٱلْيَوْمِ ٱلْءَاخِرِ ۖ قَالَ وَمَن كَفَرَ فَأُمَتِّعُهُۥ قَلِيلًا ثُمَّ أَضْطَرُّهُۥٓ إِلَىٰ عَذَابِ ٱلنَّارِ ۖ وَبِئْسَ ٱلْمَصِيرُ ﴿١٢٦﴾

sinuman ang hindi sumasampalataya, siya ay pansamantala Kong hahayaan na mabuhay sa pananagana (sa mundong ito), datapuwa't hindi magtatagal, siya ay Aking itataboy sa kaparusahan ng Apoy, at isang masamang patutunguhan!"

127. At (alalahanin) nang itindig nina Abraham at Ismail ang mga haligi ng Tahanan habang sila ay nananalangin kay Allah (na may panikluhod): "O aming Panginoon! Tanggapin Ninyo (ang paglilingkod na ito) mula sa amin. Katotohanang Kayo ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam."

وَإِذْ يَرْفَعُ إِبْرَٰهِـۧمُ ٱلْقَوَاعِدَ مِنَ ٱلْبَيْتِ وَإِسْمَٰعِيلُ رَبَّنَا تَقَبَّلْ مِنَّآ ۖ إِنَّكَ أَنتَ ٱلسَّمِيعُ ٱلْعَلِيمُ ﴿١٢٧﴾

128. "O aming Panginoon! Kami ay gawin Ninyong mga Muslim na tumatalima sa Inyong (Kalooban) at gayundin ang aming mga anak (lahi) na maging isang sambayanang Muslim na tumatalima sa Inyong (Kalooban) at Inyong ipakita sa amin ang aming *Manasik* (mga lugar ng pagdiriwang ng ritwal sa *Hajj* at *Umrah*, atbp.) at Inyong tanggapin ang aming pagsisisi. Katotohanang Kayo ang Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain".

رَبَّنَا وَٱجْعَلْنَا مُسْلِمَيْنِ لَكَ وَمِن ذُرِّيَّتِنَآ أُمَّةً مُّسْلِمَةً لَّكَ وَأَرِنَا مَنَاسِكَنَا وَتُبْ عَلَيْنَآ ۖ إِنَّكَ أَنتَ ٱلتَّوَّابُ ٱلرَّحِيمُ ﴿١٢٨﴾

129. "O aming Panginoon! Isugo Ninyo sa kanila ang isang Tagapagbalita (Sugo) na mula sa kanila (at katiyakang si Allah ay duminig sa kanilang panawagan sa Kanyang pagsusugo kay Muhammad), na magpapahayag sa kanila ng Inyong mga Talata (kapahayagan, aral, katibayan, tanda, atbp.) at magtuturo sa kanila ng Kasulatan (ang Qur'an) at *Al-Hikma* (*Hadith*; ganap na Karunungan sa Batas Islamiko, Paghatol at Pagpapasya, pagka-Propeta, atbp.), at magpapadalisay sa kanila (sa pagbibigay ng katambal sa Inyo at sa masasamang kaugalian); katotohanang Kayo lamang ang may Ganap na Kapangyarihan at Karunungan".

رَبَّنَا وَٱبْعَثْ فِيهِمْ رَسُولًا مِّنْهُمْ يَتْلُوا۟ عَلَيْهِمْ ءَايَٰتِكَ وَيُعَلِّمُهُمُ ٱلْكِتَٰبَ وَٱلْحِكْمَةَ وَيُزَكِّيهِمْ ۚ إِنَّكَ أَنتَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿١٢٩﴾

130. At sino pa kaya ang tumatalikdan sa pananampalataya ni Abraham maliban sa kanya na isang hangal (lumilinlang sa kanyang sarili)? Katotohanang siya ay hinirang Namin (bilang Propeta) sa mundong ito at katiyakang sa

وَمَن يَرْغَبُ عَن مِّلَّةِ إِبْرَٰهِـۧمَ إِلَّا مَن سَفِهَ نَفْسَهُۥ ۚ وَلَقَدِ ٱصْطَفَيْنَٰهُ فِى ٱلدُّنْيَا ۖ وَإِنَّهُۥ فِى ٱلْـَٔاخِرَةِ لَمِنَ ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿١٣٠﴾

Kabilang Buhay, siya ay mapapabilang sa mga matutuwid (mapapasakanila ang pinakamataas na kalalagyan sa Paraiso).

إِذْ قَالَ لَهُۥ رَبُّهُۥٓ أَسْلِمْ ۖ قَالَ أَسْلَمْتُ لِرَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿١٣١﴾

131. (Pagmasdan!). Nang ang kanyang Panginoon ay magwika sa kanya: "Isuko mo (ang iyong kalooban sa Akin, maging isang Muslim)." Siya (Abraham) ay nagsabi: "Isinuko ko (ang aking kalooban, bilang isang Muslim) sa Panginoon at Tagapagtaguyod ng lahat ng mga nilalang."

وَوَصَّىٰ بِهَآ إِبْرَٰهِـۧمُ بَنِيهِ وَيَعْقُوبُ ۖ يَٰبَنِىَّ إِنَّ ٱللَّهَ ٱصْطَفَىٰ لَكُمُ ٱلدِّينَ فَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴿١٣٢﴾

132. At (ang pagtalima at pagsunod na ito kay Allah, ang Islam) ay ipinagtagubilin ni Abraham sa kanyang mga anak na lalaki, gayundin (ang ginawa) ni Hakob (ang pagiging matatag sa Relihiyong Islam, na nagsasabi): "O aking mga anak! Si Allah ang humirang para sa inyo ng (tunay) na pananampalataya; kaya't huwag ninyong hayaan na kayo ay pumanaw maliban sa katatayuan ng pagtalima (sa Islam, bilang mga Muslim).

أَمْ كُنتُمْ شُهَدَآءَ إِذْ حَضَرَ يَعْقُوبَ ٱلْمَوْتُ إِذْ قَالَ لِبَنِيهِ مَا تَعْبُدُونَ مِنۢ بَعْدِى ۖ قَالُوا۟ نَعْبُدُ إِلَٰهَكَ وَإِلَٰهَ ءَابَآئِكَ إِبْرَٰهِـۧمَ وَإِسْمَٰعِيلَ وَإِسْحَٰقَ إِلَٰهًا وَٰحِدًا وَنَحْنُ لَهُۥ مُسْلِمُونَ ﴿١٣٣﴾

133. Kayo ba (ay naroroon bilang) mga saksi nang ang kamatayan ay tumambad kay Hakob? (Pagmasdan), nang kanyang sabihin sa kanyang mga anak (na lalaki): "Ano ang inyong sasambahin kapag ako ay wala na?" Sila ay nagsabi: "Aming sasambahin ang inyong Diyos at ang Diyos ng inyong mga ninuno, nila Abraham, Ismail at Isaac, sa Nag-iisang (Tunay) na Diyos, at sa Kanya (lamang) kami tatalima (sasamba)."

تِلْكَ أُمَّةٌ قَدْ خَلَتْ ۖ لَهَا مَا كَسَبَتْ وَلَكُم مَّا كَسَبْتُمْ ۖ وَلَا تُسْـَٔلُونَ عَمَّا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿١٣٤﴾

134. Sila ang mga tao (pamayanan) na nagsipanaw na. Kanilang tatamasahin ang bunga ng kanilang ginawa, at kayo (ay magtatamasa ng bunga) ng inyong ginawa! At kayo ay hindi tatanungin tungkol sa kanilang ginawa.

وَقَالُوا۟ كُونُوا۟ هُودًا أَوْ نَصَٰرَىٰ تَهْتَدُوا۟ ۗ قُلْ بَلْ مِلَّةَ إِبْرَٰهِـۧمَ حَنِيفًا ۖ وَمَا كَانَ مِنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿١٣٥﴾

135. At sila ay nagsasabi: "Maging kayo man ay mga Hudyo o Kristiyano, magkagayunman, kayo ay mapapatnubayan." Ipagbadya (sa kanila, O Muhammad): "(Hindi), datapuwa't ang tunay na patnubay (ay matatagpuan lamang sa pagsunod) sa pananampalataya ni Abraham,

ang *Hanifan* (ang paniniwala sa Kaisahan ni Allah sa Islam, alalaong baga, ang maging matimtiman at sumamba lamang kay Allah), at siya kailanman ay hindi nagtatambal ng anumang diyos kay Allah."

136. Ipagbadya (O mga Muslim): "Kami ay sumasampalataya kay Allah at sa kapahayagan na ipinagkaloob sa amin, at (sa mga ipinahayag) kay Abraham, Ismail, Isaac, Hakob at sa (labingdalawang) Tribu, at sa mga ipinahayag kay Moises at Hesus at sa mga ipinahayag sa (lahat) ng mga Propeta mula sa kanilang Panginoon. Kami ay hindi nagtatakda sa kanila ng pagtatangi-tangi at kay Allah lamang kami ay tumatalima."

قُولُوٓاْ ءَامَنَّا بِٱللَّهِ وَمَآ أُنزِلَ إِلَيۡنَا وَمَآ أُنزِلَ إِلَىٰٓ إِبۡرَٰهِـۧمَ وَإِسۡمَٰعِيلَ وَإِسۡحَٰقَ وَيَعۡقُوبَ وَٱلۡأَسۡبَاطِ وَمَآ أُوتِيَ مُوسَىٰ وَعِيسَىٰ وَمَآ أُوتِيَ ٱلنَّبِيُّونَ مِن رَّبِّهِمۡ لَا نُفَرِّقُ بَيۡنَ أَحَدٖ مِّنۡهُمۡ وَنَحۡنُ لَهُۥ مُسۡلِمُونَ ١٣٦

137. Kaya't kung sila ay mananampalataya na katulad ng inyong pananampalataya, katiyakang sila ay nasa tamang landas; datapuwa't kung sila ay tumalikod, sila ang mga tumututol. (Kung gayon) Sapat na si Allah sa inyo laban sa kanila. At Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Tigib ng Kaalaman.

فَإِنۡ ءَامَنُواْ بِمِثۡلِ مَآ ءَامَنتُم بِهِۦ فَقَدِ ٱهۡتَدَواْۖ وَإِن تَوَلَّوۡاْ فَإِنَّمَا هُمۡ فِي شِقَاقٖۖ فَسَيَكۡفِيكَهُمُ ٱللَّهُۚ وَهُوَ ٱلسَّمِيعُ ٱلۡعَلِيمُ ١٣٧

138. Magpakatatag kayong sumunod sa Relihiyon ni Allah (ang aming *Sibghah* [pananampalataya]) ay *Sibghah* na nagmula kay Allah [ang Islam]) at ano pa kayang pananampalataya ang higit na mainam kaysa sa Relihiyon ni Allah. At Siya lamang ang aming sinasamba.

صِبۡغَةَ ٱللَّهِۖ وَمَنۡ أَحۡسَنُ مِنَ ٱللَّهِ صِبۡغَةٗۖ وَنَحۡنُ لَهُۥ عَٰبِدُونَ ١٣٨

139. Ipagbadya mo (O Muhammad sa mga Hudyo at Kristiyano): "Kayo ba ay makikipagtalo sa amin tungkol kay Allah, gayong Siya ang aming Panginoon at inyong Panginoon. At kami ay gagantimpalaan sa aming mga gawa, gayundin naman kayo sa inyong mga gawa. At kami ay matapat sa Kanya sa pagsamba at pagtalima".

قُلۡ أَتُحَآجُّونَنَا فِي ٱللَّهِ وَهُوَ رَبُّنَا وَرَبُّكُمۡ وَلَنَآ أَعۡمَٰلُنَا وَلَكُمۡ أَعۡمَٰلُكُمۡ وَنَحۡنُ لَهُۥ مُخۡلِصُونَ ١٣٩

140. O inyo bang sasabihin na sina Abraham, Ismail, Isaac, Hakob at ang (labindalawang) Tribu ay mga Hudyo o Kristiyano? Ipagbadya: "Higit ba kayong maalam kaysa kay Allah? At sino pa kaya ang higit na walang katarungan

أَمۡ تَقُولُونَ إِنَّ إِبۡرَٰهِـۧمَ وَإِسۡمَٰعِيلَ وَإِسۡحَٰقَ وَيَعۡقُوبَ وَٱلۡأَسۡبَاطَ كَانُواْ هُودًا أَوۡ نَصَٰرَىٰۗ قُلۡ ءَأَنتُمۡ أَعۡلَمُ أَمِ ٱللَّهُۗ وَمَنۡ أَظۡلَمُ مِمَّن كَتَمَ شَهَٰدَةً عِندَهُۥ مِنَ

maliban sa kanya na naglilingid ng kanyang pagpapahayag (katibayan) mula kay Allah?" At si Allah ang nakakaalam ng lahat ninyong ginagawa.

أَللَّهِ ۗ وَمَا ٱللَّهُ بِغَٰفِلٍ عَمَّا تَعْمَلُونَ ﴿١٤٠﴾

141. Sila ang mga tao (pamayanan) na nagsipanaw na. Tatamasahin nila ang bunga ng kanilang ginawa, at kayo (ay magtatamasa ng bunga) ng inyong ginawa. At kayo ay hindi tatanungin tungkol sa kanilang ginawa.

تِلْكَ أُمَّةٌ قَدْ خَلَتْ ۖ لَهَا مَا كَسَبَتْ وَلَكُم مَّا كَسَبْتُمْ ۖ وَلَا تُسْـَٔلُونَ عَمَّا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿١٤١﴾

142. (Tiyak na) ang mga hangal (mga Hudyo at katulad nila, pagano, mapagpaimbabaw, atbp. sa lipon ng mga tao) ay magsasabi: "Ano ang dahilan kung bakit sila nagpalit ng *Qiblah* (pook na kung saan sila nakaharap sa pagdarasal, alalaong baga, ang Herusalem), na kung saan sila ay nahirati na sa pagharap sa pag-aalay ng *Salah* (takdang pagdarasal)?'' Ipagbadya (O Muhammad): "Si Allah ang nag-aangkin ng Silangan at Kanluran. Pinapatnubayan Niya ang sinumang Kanyang maibigan sa tuwid na landas."

سَيَقُولُ ٱلسُّفَهَآءُ مِنَ ٱلنَّاسِ مَا وَلَّىٰهُمْ عَن قِبْلَتِهِمُ ٱلَّتِى كَانُوا۟ عَلَيْهَا ۚ قُل لِّلَّهِ ٱلْمَشْرِقُ وَٱلْمَغْرِبُ ۚ يَهْدِى مَن يَشَآءُ إِلَىٰ صِرَٰطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿١٤٢﴾

143. Kaya't Aming ginawa kayo na isang Pamayanan na makatarungan (pinakamainam at may balanseng pananampalataya, alalaong baga, hindi kulang o labis) upang kayo ay maging mga saksi sa sangkatauhan, at ang Tagapagbalita (Muhammad) ay maging saksi sa inyong sarili. At ginawa Namin ang *Qiblah* (pook ng pagharap sa pagdarasal, alalaong baga, ang Herusalem, na nakagisnan na ninyong doon humaharap; pagkaraan ay Aming ipinag-utos na humarap kayo sa *Ka'ba*) upang (Aming) masubukan ang susunod sa Tagapagbalita (Muhammad), at ang mga tatalikod sa kanilang sakong (susuway sa Tagapagbalita). Katotohanang ito ay mabigat (sa kanilang kalooban), maliban na lamang (sa kanila) na pinatnubayan ni Allah. At kailanman ay hindi hahayaan ni Allah na ang inyong pananampalataya (ang *Salah* [pagdalangin] noong kayo ay humaharap pa sa Herusalem) ay mawalan ng saysay. Katotohanang si Allah ay Tigib ng Kabaitan, ang Pinakamaawain.

وَكَذَٰلِكَ جَعَلْنَٰكُمْ أُمَّةً وَسَطًا لِّتَكُونُوا۟ شُهَدَآءَ عَلَى ٱلنَّاسِ وَيَكُونَ ٱلرَّسُولُ عَلَيْكُمْ شَهِيدًا ۗ وَمَا جَعَلْنَا ٱلْقِبْلَةَ ٱلَّتِى كُنتَ عَلَيْهَآ إِلَّا لِنَعْلَمَ مَن يَتَّبِعُ ٱلرَّسُولَ مِمَّن يَنقَلِبُ عَلَىٰ عَقِبَيْهِ ۚ وَإِن كَانَتْ لَكَبِيرَةً إِلَّا عَلَى ٱلَّذِينَ هَدَى ٱللَّهُ ۗ وَمَا كَانَ ٱللَّهُ لِيُضِيعَ إِيمَٰنَكُمْ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ بِٱلنَّاسِ لَرَءُوفٌ رَّحِيمٌ ﴿١٤٣﴾

144. Katotohanang napagmasdan Namin ang pagbaling ng iyong mukha tungo sa kalangitan (O Muhammad). Katiyakang ililingon ka Namin sa isang *Qiblah* na magbibigay-kasiyahan sa iyo, kaya't ilingon mo ang iyong mukha patungo (sa direksyon) ng *Ka'ba* (Banal na Bahay Dalanginan sa Makkah). At kahit saan pa man kayo naroroon, ilingon ninyo ang inyong mukha (sa pag-aalay ng *Salah*) sa gayong lugar. Katiyakan, ang Angkan ng Kasulatan (mga

قَدْ نَرَىٰ تَقَلُّبَ وَجْهِكَ فِى ٱلسَّمَآءِ ۖ فَلَنُوَلِّيَنَّكَ قِبْلَةً تَرْضَىٰهَا ۚ فَوَلِّ وَجْهَكَ شَطْرَ ٱلْمَسْجِدِ ٱلْحَرَامِ ۚ وَحَيْثُ مَا كُنتُمْ فَوَلُّوا۟ وُجُوهَكُمْ شَطْرَهُۥ ۗ وَإِنَّ ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ لَيَعْلَمُونَ أَنَّهُ ٱلْحَقُّ مِن رَّبِّهِمْ ۗ وَمَا ٱللَّهُ بِغَٰفِلٍ عَمَّا يَعْمَلُونَ ﴿١٤٤﴾

Hudyo at Kristiyano) ay ganap na nakakaalam na ito ang katotohanan mula sa kanilang Panginoon. At si Allah ay hindi nakakalimot sa kanilang ginagawa.

وَلَئِنْ أَتَيْتَ ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ بِكُلِّ ءَايَةٍ مَّا تَبِعُوا۟ قِبْلَتَكَ ۚ وَمَآ أَنتَ بِتَابِعٍ قِبْلَتَهُمْ ۚ وَمَا بَعْضُهُم بِتَابِعٍ قِبْلَةَ بَعْضٍ ۚ وَلَئِنِ ٱتَّبَعْتَ أَهْوَآءَهُم مِّنۢ بَعْدِ مَا جَآءَكَ مِنَ ٱلْعِلْمِ ۙ إِنَّكَ إِذًا لَّمِنَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿١٤٥﴾

145. Kahit na iyong dalhin sa Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ang lahat ng *Ayat* (mga tanda, aral, kapahayagan, katibayan, atbp. nang sama-sama; na ang inyong pagharap sa *Ka'ba* ay katotohanan), hindi nila susundin ang iyong *Qiblah* at hindi mo rin susundin ang direksyon (kung saan sila humaharap sa kanilang pagdarasal), gayundin ay hindi nila susundin ang direksyon na hinaharap sa pagdarasal ng bawat isa sa kanila (alalaong baga, ang mga Hudyo ay hindi haharap sa direksyon na hinaharap ng mga Kristiyano sa pagdarasal, gayundin, ang mga Kristiyano ay hindi haharap sa direksyon na hinahrap ng mga Hudyo). Katotohanan, kung ikaw ay susunod sa kanilang mga pagnanasa matapos na ikaw ay makatanggap ng kaalaman (mula kay Allah, na makatotohanan), kung magkagayon, ikaw ay maliwanag na (magiging) isa sa *Zalimun* (mga tampalasan, mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian, atbp.).

ٱلَّذِينَ ءَاتَيْنَٰهُمُ ٱلْكِتَٰبَ يَعْرِفُونَهُۥ كَمَا يَعْرِفُونَ أَبْنَآءَهُمْ ۖ وَإِنَّ فَرِيقًا مِّنْهُمْ لَيَكْتُمُونَ ٱلْحَقَّ وَهُمْ يَعْلَمُونَ ﴿١٤٦﴾

146. Sila na Aming pinagkalooban ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ay nakakakilala sa kanya (kay Muhammad) na katulad ng pagkakakilala nila sa kanilang mga anak na lalaki; katotohanang may pangkat sa lipon nila na naglilingid ng katotohanan bagama't ito ay kanilang nababatid.

ٱلْحَقُّ مِن رَّبِّكَ ۖ فَلَا تَكُونَنَّ مِنَ ٱلْمُمْتَرِينَ ﴿١٤٧﴾

147. (Ang ipinahayag sa iyo ay) Katotohanan mula sa inyong Panginoon, kaya't huwag kayong makiisa sa mga nag-aalinlangan dito.

وَلِكُلٍّ وِجْهَةٌ هُوَ مُوَلِّيهَا ۖ فَٱسْتَبِقُوا۟ ٱلْخَيْرَٰتِ ۚ أَيْنَ مَا تَكُونُوا۟ يَأْتِ بِكُمُ ٱللَّهُ جَمِيعًا ۚ إِنَّ ٱللَّهَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿١٤٨﴾

148. Sa bawat pamayanan ay mayroong direksyon kung saan nila ibinabaling ang kanilang mukha (sa pagdarasal). Kaya't magpaligsahan kayo sa paggawa ng mga kabutihan. Kahit saan man kayo naroroon, si Allah ang magtitipon sa inyo (sa Araw ng Muling Pagkabuhay). Katotohanang si Allah ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

وَمِنْ حَيْثُ خَرَجْتَ فَوَلِّ وَجْهَكَ شَطْرَ
ٱلْمَسْجِدِ ٱلْحَرَامِ ۖ وَإِنَّهُۥ لَلْحَقُّ مِن رَّبِّكَ ۗ وَمَا
ٱللَّهُ بِغَٰفِلٍ عَمَّا تَعْمَلُونَ ﴿١٤٩﴾

149. At kahit saan ka mang pook naroroon (sa pag-aalay ng *Salah*), ilingon mo ang iyong mukha tungo sa direksyon ng *Masjid Al Haram* (Banal na Bahay-Dalanginan sa Makkah). Katiyakang ito ang katotohanan mula sa iyong Panginoon. At si Allah ay hindi nakakalimot sa inyong ginagawa.

وَمِنْ حَيْثُ خَرَجْتَ فَوَلِّ وَجْهَكَ شَطْرَ
ٱلْمَسْجِدِ ٱلْحَرَامِ ۖ وَحَيْثُ مَا كُنتُمْ فَوَلُّوا۟
وُجُوهَكُمْ شَطْرَهُۥ لِئَلَّا يَكُونَ لِلنَّاسِ
عَلَيْكُمْ حُجَّةٌ إِلَّا ٱلَّذِينَ ظَلَمُوا۟ مِنْهُمْ فَلَا
تَخْشَوْهُمْ وَٱخْشَوْنِى وَلِأُتِمَّ نِعْمَتِى عَلَيْكُمْ
وَلَعَلَّكُمْ تَهْتَدُونَ ﴿١٥٠﴾

150. At kahit saan ka mang pook naroroon (sa pag-aalay ng *Salah*), ilingon mo ang iyong mukha tungo sa direksyon ng *Masjid Al Haram* (Banal na Bahay-Dalanginan sa Makkah), at kahit saan pa man kayo naroroon, ilingon ninyo ang inyong mukha (sa pag-aalay ng *Salah*) tungo sa gayong lugar, upang ang mga tao ay walang maipangatwiran (sa pagtutol) laban sa inyo, maliban sa kanila na mapaggawa ng katampalasan, kaya't sila ay huwag ninyong pangambahan, datapuwa't Ako ang inyong pangambahan! At gaganapin Ko ang Aking paglingap (Biyaya) sa inyo at (upang) kayo ay mapatnubayan.

كَمَآ أَرْسَلْنَا فِيكُمْ رَسُولًا مِّنكُمْ
يَتْلُوا۟ عَلَيْكُمْ ءَايَٰتِنَا وَيُزَكِّيكُمْ وَيُعَلِّمُكُمُ
ٱلْكِتَٰبَ وَٱلْحِكْمَةَ وَيُعَلِّمُكُم مَّا لَمْ
تَكُونُوا۟ تَعْلَمُونَ ﴿١٥١﴾

151. Gayundin naman (upang maging ganap ang Aking paglingap sa inyo), ay Aming isinugo sa inyo ang isang Tagapagbalita (Muhammad) na mula sa inyong lipon na nagpapahayag (at dumadalit) sa inyo ng Aming Kapahayagan (mga talata ng Qur'an) at nagpapabanal sa inyo at nagtuturo sa inyo ng Aklat (Qur'an) at ng *Hikma* (Karunungan, Batas Islamiko, Kahatulan at Pagpapasya, *Sunna* [mga gawa ng Propeta], atbp.) at nagtuturo sa inyo ng mga hindi ninyo nalalaman (na mga bagong karunungan).

فَٱذْكُرُونِىٓ أَذْكُرْكُمْ وَٱشْكُرُوا۟ لِى وَلَا
تَكْفُرُونِ ﴿١٥٢﴾

152. Samakatuwid, alalahanin ninyo Ako (sa pamamagitan nang pagdarasal at pagluwalhati). Aalalahanin Ko (rin) kayo. Magkaroon kayo ng damdamin ng pasasalamat sa Akin (sa hindi mabilang na biyaya na ipinagkaloob Ko sa inyo), at huwag mawalan ng utang na loob sa Akin.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱسْتَعِينُوا۟ بِٱلصَّبْرِ
وَٱلصَّلَوٰةِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ مَعَ ٱلصَّٰبِرِينَ ﴿١٥٣﴾

153. O kayong nagsisisampalataya! Magsihingi kayo ng tulong (kay Allah) sa pamamagitan ng pagtitiyaga at pag-aalay ng *Salah* (takdang

panalangin). Katotohanan, si Allah ay kasama (nasa gitna) ng mga mapagtiis.

وَلَا تَقُولُوا لِمَن يُقْتَلُ فِي سَبِيلِ اللَّهِ أَمْوَاتٌ ۚ بَلْ أَحْيَاءٌ وَلَٰكِن لَّا تَشْعُرُونَ ﴿١٥٤﴾

154. At huwag ninyong sabihin sa mga namatay (mga Martir) sa Kapakanan ni Allah (Pagtatanggol sa Islam, ang Relihiyon ni Allah, katulad ng *Jihad* [pagsisikap na mapanatili ang Islam maging ito man ay humantong sa pakikidigma]) na "Sila ay patay." Hindi, sila ay buhay datapuwa't hindi ninyo (ito) napag-aakala.

وَلَنَبْلُوَنَّكُم بِشَيْءٍ مِّنَ الْخَوْفِ وَالْجُوعِ وَنَقْصٍ مِّنَ الْأَمْوَالِ وَالْأَنفُسِ وَالثَّمَرَاتِ ۗ وَبَشِّرِ الصَّابِرِينَ ﴿١٥٥﴾

155. At katiyakang kayo ay Aming susubukan sa mga bagay na tulad ng pangamba at pagkagutom, (ang ilan) ay pagkalugi sa hanapbuhay o pagkawala ng kayamanan, pagkawala ng buhay, at (pagkawala) ng bungangkahoy (na inyong pinaghirapan), datapuwa't magbigay ng magandang balita sa mga matimtiman sa pagbabata,

الَّذِينَ إِذَا أَصَابَتْهُم مُّصِيبَةٌ قَالُوا إِنَّا لِلَّهِ وَإِنَّا إِلَيْهِ رَاجِعُونَ ﴿١٥٦﴾

156. Na kung sila ay nakakaranas ng kapinsalaan (pagsubok) ay nagsasabi: "Katotohanang kami ay pag-aangkin ni Allah at sa Kanya kami magbabalik."

أُولَٰئِكَ عَلَيْهِمْ صَلَوَاتٌ مِّن رَّبِّهِمْ وَرَحْمَةٌ ۖ وَأُولَٰئِكَ هُمُ الْمُهْتَدُونَ ﴿١٥٧﴾

157. Sila ang mga tumatanggap ng *Salawat* (mga biyaya at kapatawaran) at ng Habag mula sa kanilang Panginoon at sila ang tunay na napapatnubayan.

۞ إِنَّ الصَّفَا وَالْمَرْوَةَ مِن شَعَائِرِ اللَّهِ ۖ فَمَنْ حَجَّ الْبَيْتَ أَوِ اعْتَمَرَ فَلَا جُنَاحَ عَلَيْهِ أَن يَطَّوَّفَ بِهِمَا ۚ وَمَن تَطَوَّعَ خَيْرًا فَإِنَّ اللَّهَ شَاكِرٌ عَلِيمٌ ﴿١٥٨﴾

158. (Pagmasdan)! Katotohanan, ang As-Safa at Al-Marwa (dalawang bundok sa Makkah) ay ilan (o bahagi) sa mga Tanda (ng Relihiyon) ni Allah. Kaya't hindi isang kasalanan sa mga nais magsagawa ng *Hajj* (Pilgrimahe) o *Umrah* (Maigsing Pilgrimahe) sa Banal na Tahanan (ang *Ka'ba* sa Makkah) na magsagawa ng *Sa'ey* (ang paglalakad ng pitong ulit sa pagitan nito, ang As-Safa at Al-Marwa). At kung sinuman ang gumawa ng kabutihan sa kanyang sariling kusa, katotohanang si Allah ang Higit na Nakakakilala (Marunong gumanti ng pasasalamat sa pamamagitan nang pagbibigay ng gantimpala sa sinuman na matapat na sumasampalataya sa Kanya at nag-aalay sa Kanya ng pagsamba), ang Ganap na Maalam.

إِنَّ ٱلَّذِينَ يَكْتُمُونَ مَآ أَنزَلْنَا مِنَ ٱلْبَيِّنَٰتِ وَٱلْهُدَىٰ مِنۢ بَعْدِ مَا بَيَّنَّٰهُ لِلنَّاسِ فِى ٱلْكِتَٰبِ ۙ أُو۟لَٰٓئِكَ يَلْعَنُهُمُ ٱللَّهُ وَيَلْعَنُهُمُ ٱللَّٰعِنُونَ ﴿١٥٩﴾

159. Katotohanan, ang mga naglilingid ng maliliwanag na katibayan at patnubay na Aming ipinahayag, matapos na ito ay Aming ginawa (itinuro) na maging maliwanag sa Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano), sila ang mga sinusumpa ni Allah at isinusumpa ng mga manunumpa,

إِلَّا ٱلَّذِينَ تَابُوا۟ وَأَصْلَحُوا۟ وَبَيَّنُوا۟ فَأُو۟لَٰٓئِكَ أَتُوبُ عَلَيْهِمْ ۚ وَأَنَا ٱلتَّوَّابُ ٱلرَّحِيمُ ﴿١٦٠﴾

160. Maliban sa mga nagsisisi at nagsisigawa ng kabutihan at lantad na nagpapahayag (ng katotohanan). Sila yaon na Aking tatanggapin ang kanilang pagtitika. (Sapagkat) Ako ang Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَمَاتُوا۟ وَهُمْ كُفَّارٌ أُو۟لَٰٓئِكَ عَلَيْهِمْ لَعْنَةُ ٱللَّهِ وَٱلْمَلَٰٓئِكَةِ وَٱلنَّاسِ أَجْمَعِينَ ﴿١٦١﴾

161. Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya at namatay habang sila ay walang pananampalataya, sasakanila ang sumpa ni Allah, gayundin ang sumpa ng mga anghel at ng sangkatauhan nang sama-sama.

خَٰلِدِينَ فِيهَا ۖ لَا يُخَفَّفُ عَنْهُمُ ٱلْعَذَابُ وَلَا هُمْ يُنظَرُونَ ﴿١٦٢﴾

162. Magsisipanatili sila rito (sa ilalim ng sumpa at parusa [ng Impiyerno]) magpakailanman; ang kanilang kaparusahan ay hindi pagagaanin, gayundin naman (sila ay hindi bibigyan) ng palugit.

وَإِلَٰهُكُمْ إِلَٰهٌ وَٰحِدٌ ۖ لَّآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ٱلرَّحْمَٰنُ ٱلرَّحِيمُ ﴿١٦٣﴾

163. At ang inyong Panginoon (Diyos) ay Isang Diyos (*Ilah*) lamang. *La ilaha illa Huwa* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain.

إِنَّ فِى خَلْقِ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَٱخْتِلَٰفِ ٱلَّيْلِ وَٱلنَّهَارِ وَٱلْفُلْكِ ٱلَّتِى تَجْرِى فِى ٱلْبَحْرِ بِمَا يَنفَعُ ٱلنَّاسَ وَمَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ مِنَ ٱلسَّمَآءِ مِن مَّآءٍ فَأَحْيَا بِهِ ٱلْأَرْضَ بَعْدَ مَوْتِهَا وَبَثَّ فِيهَا مِن كُلِّ دَآبَّةٍ وَتَصْرِيفِ ٱلرِّيَٰحِ وَٱلسَّحَابِ ٱلْمُسَخَّرِ بَيْنَ ٱلسَّمَآءِ وَٱلْأَرْضِ لَءَايَٰتٍ لِّقَوْمٍ يَعْقِلُونَ ﴿١٦٤﴾

164. (Pagmalasin)! Katotohanan, sa pagkakalikha sa mga kalangitan at kalupaan, at sa pagsasalitan ng gabi at araw, at ang mga barko na naglalayag sa karagatan na rito ay may kapakinabangan sa tao (sangkatauhan), at ang ulan na pinamamalibisbis ni Allah mula sa kalangitan (alapaap) at nakapangyayaring ang kalupaan ay mabuhay mula sa pagiging patay (tigang), at ang lahat ng uri (ng mga may buhay at gumagalaw) na nilikha, na rito ay Kanyang ikinalat, at ang pag-ihip (o pagbabago ng direksyon ng) hangin at ang mga ulap na nakalutang sa pagitan ng lupa at langit, ay katiyakang *Ayat* (mga tanda, katibayan, katunayan, atbp.) sa mga tao na may pang-unawa na gumagamit ng kanilang katalinuhan.

وَمِنَ ٱلنَّاسِ مَن يَتَّخِذُ مِن دُونِ ٱللَّهِ أَندَادًا يُحِبُّونَهُمْ كَحُبِّ ٱللَّهِ ۖ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ أَشَدُّ حُبًّا لِّلَّهِ ۗ وَلَوْ يَرَى ٱلَّذِينَ ظَلَمُوٓا۟ إِذْ يَرَوْنَ ٱلْعَذَابَ أَنَّ ٱلْقُوَّةَ لِلَّهِ جَمِيعًا وَأَنَّ ٱللَّهَ شَدِيدُ ٱلْعَذَابِ ﴿١٦٥﴾

165. (Datapuwa't) mayroong mga tao na nagtuturing pa ng iba (sa pagsamba) bukod pa kay Allah bilang katambal (sa Kanya). Minamahal nila ito na katulad din nang pagmamahal nila kay Allah. Datapuwa't ang mga nananampalataya ay may nag-uumapaw na pagmamahal kay Allah. At kung nababatid lamang ng mga mapaggawa ng kamalian (ang mga nagbibigay ng katambal kay Allah); (pagmalasin), na kanilang mamamasdan ang kaparusahan (sa Kabilang Buhay), (ay mapag-uunawa nila) na si Allah ang naghahawak ng lahat ng kapangyarihan at si Allah ay mahigpit sa kaparusahan.

إِذْ تَبَرَّأَ ٱلَّذِينَ ٱتُّبِعُوا۟ مِنَ ٱلَّذِينَ ٱتَّبَعُوا۟ وَرَأَوُا۟ ٱلْعَذَابَ وَتَقَطَّعَتْ بِهِمُ ٱلْأَسْبَابُ ﴿١٦٦﴾

166. At (sa Araw ng Paghuhukom) kung sila na kanilang pinamarisan (at sinunod) ay magpasinungaling (magtatwa o magmaang-maangan) sa mga sumunod sa kanila, at kanilang mamamasdan ang kaparusahan, ang lahat ng kanilang pinagsamahan ay mapuputol.

وَقَالَ ٱلَّذِينَ ٱتَّبَعُوا۟ لَوْ أَنَّ لَنَا كَرَّةً فَنَتَبَرَّأَ مِنْهُمْ كَمَا تَبَرَّءُوا۟ مِنَّا ۗ كَذَٰلِكَ يُرِيهِمُ ٱللَّهُ أَعْمَٰلَهُمْ حَسَرَٰتٍ عَلَيْهِمْ ۖ وَمَا هُم بِخَٰرِجِينَ مِنَ ٱلنَّارِ ﴿١٦٧﴾

167. At ang mga sumunod (sa kamalian) ay magsasabi: "Kung mayroon man lamang kami kahit na isang pagkakataon na makabalik sa mundo (makamundong buhay), aming itatatwa sila kung paano kami ay kanilang itinatwa." At sa ganyang paraan ay ipakikita rin ni Allah ang (bunga) ng kanilang mga gawa na sila ay nagdadalamhati (wala ng iba maliban sa pagsisisi). At sila ay hindi makatatalilis sa Apoy.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ كُلُوا۟ مِمَّا فِى ٱلْأَرْضِ حَلَٰلًا طَيِّبًا وَلَا تَتَّبِعُوا۟ خُطُوَٰتِ ٱلشَّيْطَٰنِ ۚ إِنَّهُۥ لَكُمْ عَدُوٌّ مُّبِينٌ ﴿١٦٨﴾

168. O sangkatauhan! Magsikain kayo ng *Halal* (anumang mabuti at pinahihintulutan sa Islam) dito sa kalupaan at huwag ninyong sundan ang mga yapak ni Satanas. Katotohanang siya sa inyo ay lantad na kaaway.

إِنَّمَا يَأْمُرُكُم بِٱلسُّوٓءِ وَٱلْفَحْشَآءِ وَأَن تَقُولُوا۟ عَلَى ٱللَّهِ مَا لَا تَعْلَمُونَ ﴿١٦٩﴾

169. (Si Satanas) ay nag-uutos lamang sa inyo kung ano ang masama at kasalanan, at upang kayo ay magsalita nang laban kay Allah sa mga bagay na hindi ninyo nalalaman.

وَإِذَا قِيلَ لَهُمُ ٱتَّبِعُوا۟ مَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ قَالُوا۟ بَلْ نَتَّبِعُ مَآ أَلْفَيْنَا عَلَيْهِ ءَابَآءَنَآ ۚ أَوَلَوْ كَانَ

170. At kapag (ito) ay ipinagbadya sa kanila: "Sundin ninyo kung ano ang ipinahayag ni Allah." Sila ay nagsasabi: "Hindi! Aming

susundin ang (pananampalatayang) kinagisnan namin sa aming mga ninuno." Ano! (Gagawin ba nila ito!), kahit na ang kanilang mga ninuno ay hindi nakakaunawa (hungkag sa karunungan at katotohanan) at hindi napapatnubayan (sa tamang landas)?

وَإِذَا قِيلَ لَهُمُ ٱتَّبِعُوا۟ مَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ قَالُوا۟ بَلْ نَتَّبِعُ مَآ أَلْفَيْنَا عَلَيْهِ ءَابَآءَنَآ ۚ أَوَلَوْ كَانَ ءَابَآؤُهُمْ لَا يَعْقِلُونَ شَيْـًٔا وَلَا يَهْتَدُونَ ﴿١٧٠﴾

171. Ang nakakahalintulad ng mga tao na nagtatakwil ng pananampalataya (at ng mga nag-aanyaya sa kanila tungo sa tamang patnubay) ay katulad ng isang pastol na sumisigaw (sa pulutong ng mga tupa) na walang naririnig kundi panawagan at sigaw. (Sila na hindi sumasampalataya ay) mga bingi, pipi at bulag. Sila ay hungkag sa pang-unawa (sa katotohanan at karunungan).

وَمَثَلُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ كَمَثَلِ ٱلَّذِى يَنْعِقُ بِمَا لَا يَسْمَعُ إِلَّا دُعَآءً وَنِدَآءً ۖ صُمٌّۢ بُكْمٌ عُمْىٌ فَهُمْ لَا يَعْقِلُونَ ﴿١٧١﴾

172. O kayong nagsisisampalataya! Magsikain kayo ng mga mababuti (mga pinahihintulutang) bagay na Aming ipinagkaloob sa inyo at magkaroon ng damdamin ng pasasalamat kay Allah, kung katiyakang Siya ang inyong sinasamba.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ كُلُوا۟ مِن طَيِّبَٰتِ مَا رَزَقْنَٰكُمْ وَٱشْكُرُوا۟ لِلَّهِ إِن كُنتُمْ إِيَّاهُ تَعْبُدُونَ ﴿١٧٢﴾

173. Ipinagbawal lamang Niya sa inyo ang *Maitah* (patay na hayop na hindi kinatay sa pamamaraang Islamiko), at dugo, at ang laman (o karne) ng baboy, at (mga hayop) na kinatay bilang sakripisyo (alay) maliban pa kay Allah (alalaong baga, inialay sa mga diyus-diyosan). Datapuwa't kung sinuman ang napilitan (na kumain sa mga bagay na ito) dahilan sa pangangailangan, na walang pagnanais o paglabag (sa pagsuway) o humigit sa kanyang pangangailangan, kung gayon, ito ay hindi kasalanan sa kanya. Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

إِنَّمَا حَرَّمَ عَلَيْكُمُ ٱلْمَيْتَةَ وَٱلدَّمَ وَلَحْمَ ٱلْخِنزِيرِ وَمَآ أُهِلَّ بِهِۦ لِغَيْرِ ٱللَّهِ ۖ فَمَنِ ٱضْطُرَّ غَيْرَ بَاغٍ وَلَا عَادٍ فَلَآ إِثْمَ عَلَيْهِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١٧٣﴾

174. Katotohanan, ang mga naglilingid ng mga ipinahayag ni Allah sa Aklat, (at gumagawa nito bilang) kapalit ng maliit na kabayaran (pakinabang sa pamamagitan ng makamundong bagay), sila yaon na walang nilulunok sa kanilang sikmura kundi ang apoy. Si Allah ay hindi mangungusap sa kanila sa Araw ng Muling Pagkabuhay, gayundin naman ay hindi sila dadalisayin, at kasakit-sakit ang kanilang kaparusahan.

إِنَّ ٱلَّذِينَ يَكْتُمُونَ مَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ مِنَ ٱلْكِتَٰبِ وَيَشْتَرُونَ بِهِۦ ثَمَنًا قَلِيلًا ۙ أُو۟لَٰٓئِكَ مَا يَأْكُلُونَ فِى بُطُونِهِمْ إِلَّا ٱلنَّارَ وَلَا يُكَلِّمُهُمُ ٱللَّهُ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ وَلَا يُزَكِّيهِمْ وَلَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿١٧٤﴾

أُولَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ ٱشْتَرَوُا۟ ٱلضَّلَٰلَةَ بِٱلْهُدَىٰ وَٱلْعَذَابَ بِٱلْمَغْفِرَةِ ۚ فَمَآ أَصْبَرَهُمْ عَلَى ٱلنَّارِ ﴿١٧٥﴾

175. Sila (yaon) na kanilang pinili ang pagkaligaw kaysa sa Patnubay, at (kanilang pinili ang) kaparusahan kaysa sa Pagpapatawad (ni Allah). Ah! Ano itong katapangan (na kanilang ipinamalas) sa Apoy!

ذَٰلِكَ بِأَنَّ ٱللَّهَ نَزَّلَ ٱلْكِتَٰبَ بِٱلْحَقِّ ۗ وَإِنَّ ٱلَّذِينَ ٱخْتَلَفُوا۟ فِى ٱلْكِتَٰبِ لَفِى شِقَاقٍۭ بَعِيدٍ ﴿١٧٦﴾

176. Ito'y sa dahilang ipinadala ni Allah ang Aklat (ang Qur'an na naglalaman) ng katotohanan. At katiyakan, ang mga nagsisipagtalu-talo tungkol sa Aklat ay lagi nang hindi nagkakasundo na malayung-malayo (sa patnubay).

۞ لَّيْسَ ٱلْبِرَّ أَن تُوَلُّوا۟ وُجُوهَكُمْ قِبَلَ ٱلْمَشْرِقِ وَٱلْمَغْرِبِ وَلَٰكِنَّ ٱلْبِرَّ مَنْ ءَامَنَ بِٱللَّهِ وَٱلْيَوْمِ ٱلْءَاخِرِ وَٱلْمَلَٰٓئِكَةِ وَٱلْكِتَٰبِ وَٱلنَّبِيِّۦنَ وَءَاتَى ٱلْمَالَ عَلَىٰ حُبِّهِۦ ذَوِى ٱلْقُرْبَىٰ وَٱلْيَتَٰمَىٰ وَٱلْمَسَٰكِينَ وَٱبْنَ ٱلسَّبِيلِ وَٱلسَّآئِلِينَ وَفِى ٱلرِّقَابِ وَأَقَامَ ٱلصَّلَوٰةَ وَءَاتَى ٱلزَّكَوٰةَ وَٱلْمُوفُونَ بِعَهْدِهِمْ إِذَا عَٰهَدُوا۟ ۖ وَٱلصَّٰبِرِينَ فِى ٱلْبَأْسَآءِ وَٱلضَّرَّآءِ وَحِينَ ٱلْبَأْسِ ۗ أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ صَدَقُوا۟ ۖ وَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْمُتَّقُونَ ﴿١٧٧﴾

177. Hindi isang *Al-Birr* (kabutihan, kabanalan, katuwiran, at lahat ng gawa ng pagsunod kay Allah, atbp.) na ilingon ninyo ang inyong mukha sa Silangan o Kanluran (sa pag-aalay ng *Salah* [takdang panalangin]), datapuwa't ang *Al-Birr* ay ang pagsampalataya kay Allah at sa Huling Araw, at sa mga Anghel, at sa Aklat, at sa mga Tagapagbalita (Sugo); at gumugugol ng kanyang yaman (dahil sa pagmamahal sa Kanya) sa mga kamag-anak, sa mga ulila, sa mga maralita (na nangangailangan), sa mga naglalakbay (na walang panustos), sa mga humihingi (dahilan sa matinding pangangailangan), at sa pagpapalaya ng mga alipin; ang maging matimtiman sa pag-aalay ng *Salah* (nananalangin nang mahinusay, *Iqamat-as-Salah*), at nagkakaloob ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa), at tumutupad sa kasunduan na kanilang ginawa; at matatag at matiyaga sa matinding kahirapan at karamdaman, at sa (lahat) ng panahon (ng kagipitan) ng pakikibaka o pakikipaglaban sa digmaan. Sila yaong mga tao ng katotohanan, at sila ang *Al-Muttaqun* (mga may pagkatakot kay Allah, matimtiman, matuwid, banal, mabuti, atbp.).

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ كُتِبَ عَلَيْكُمُ ٱلْقِصَاصُ فِى ٱلْقَتْلَى ۖ ٱلْحُرُّ بِٱلْحُرِّ وَٱلْعَبْدُ بِٱلْعَبْدِ وَٱلْأُنثَىٰ بِٱلْأُنثَىٰ ۚ فَمَنْ عُفِىَ لَهُۥ مِنْ أَخِيهِ شَىْءٌ فَٱتِّبَاعٌۢ بِٱلْمَعْرُوفِ وَأَدَآءٌ إِلَيْهِ بِإِحْسَٰنٍ ۗ ذَٰلِكَ تَخْفِيفٌ مِّن رَّبِّكُمْ وَرَحْمَةٌ ۗ فَمَنِ ٱعْتَدَىٰ بَعْدَ ذَٰلِكَ فَلَهُۥ

178. O kayong nagsisisampalataya! Ang *Qisas* (ang Batas ng Pagkakapantay-pantay sa kaparusahan) ay itinalaga sa inyo sa kaso ng pagpatay; ang (isang) malayang tao (ay parurusahan ng kamatayan dahilan sa pagpatay ng isang) malayang tao, ang alipin sa alipin, ang babae sa babae. Datapuwa't kung ang pagpapatawad ay iginawad ng mga kamag-anak

(o isa sa kanila) ng napaslang sa kanilang kapatid (ang nakapatay o pumatay) [alalaong baga, huwag patayin ang pumatay o nakapatay, bagkus ay tumanggap ng kabayaran sa dugo sa kaso ng sinadyang pagpatay] kung gayon, ang mga kamag-anak (ng napatay na tao) ay marapat na humingi ng kabayaran sa dugo sa makatuwirang hiling (kabayaran) at ang nakapatay ay marapat na magbayad at magsukli ng magandang pagtingin ng pasasalamat (alalaong baga, ang magkabilang panig ay parehong may tungkulin). Ito ay isang kaginhawahan (pagpapalubag ng loob) at habag mula sa inyong Panginoon. At matapos ito, sinumang lumagpas sa hangganan (nang-api at nagmalabis, alalaong baga, ang pumatay sa nakapatay matapos na tanggapin ang kabayaran sa dugo, [na isang pagtatraydor]), siya ay tatanggap ng kasakit-sakit na kaparusahan.

عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿١٧٨﴾

179. At sa *Al-Qisas* (Batas ng Pagkakapantay-pantay sa kaparusahan) ay mayroong (pagliligtas) ng buhay sa inyo, o kayong mga tao na may pang-unawa, upang kayo ay maging *Al-Mutaqqun* (may pagkatakot kay Allah, matimtiman, matuwid, banal, mabuti, atbp.).

وَلَكُمْ فِي ٱلْقِصَاصِ حَيَوٰةٌ يَٰٓأُو۟لِى ٱلْأَلْبَٰبِ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ ﴿١٧٩﴾

180. Ito ay itinatalaga sa inyo: na kung sakaling ang kamatayan ay nalalapit na sa isa sa inyo, at kung (siya) ay mayroong maiiwan na kayamanan; na siya ay gumawa ng *Wasiyah* (testamento ng pagpapamana o huling habilin) para sa kanyang magulang at malalapit na kamag-anak nang ayon sa makatarungang paraan (o paghahati; ito ay hindi hihigit sa isang-katlong bahagi ng kanyang ari-arian). Ito ay isang tungkulin ng *Al-Muttaqun* (mga may pagkatakot kay Allah, may damdamin ng kabanalan at katuwiran).

كُتِبَ عَلَيْكُمْ إِذَا حَضَرَ أَحَدَكُمُ ٱلْمَوْتُ إِن تَرَكَ خَيْرًا ٱلْوَصِيَّةُ لِلْوَٰلِدَيْنِ وَٱلْأَقْرَبِينَ بِٱلْمَعْرُوفِ ۖ حَقًّا عَلَى ٱلْمُتَّقِينَ ﴿١٨٠﴾

181. Ngunit sinuman ang magbago ng pamana (testamento) ng yumao, matapos na ito ay marinig (mula sa kanya), ang kasalanan (ay nanggaling) sa mga bumago (o nagpalit) nito. Katotohanang si Allah ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Nakakaalam.

فَمَنۢ بَدَّلَهُۥ بَعْدَمَا سَمِعَهُۥ فَإِنَّمَآ إِثْمُهُۥ عَلَى ٱلَّذِينَ يُبَدِّلُونَهُۥٓ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ سَمِيعٌ عَلِيمٌ ﴿١٨١﴾

فَمَنْ خَافَ مِن مُّوصٍ جَنَفًا أَوْ إِثْمًا فَأَصْلَحَ بَيْنَهُمْ فَلَآ إِثْمَ عَلَيْهِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١٨٢﴾

182. Datapuwa't sinuman ang bumago ng habilin, dahilan sa kanyang napag-alaman na ang naghabilin ay nakagawa ng hindi makatarungan o kamalian, at kanyang pinagkasundo (at pinayapa) sila (ang mga sangkot na tao, sa makatwirang pagpapasya), siya ay walang kamalian o kasalanan dito. Katiyakang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamawain.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ كُتِبَ عَلَيْكُمُ ٱلصِّيَامُ كَمَا كُتِبَ عَلَى ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ ﴿١٨٣﴾

183. O kayong nagsisisampalataya! Ang pag-aayuno ay iginawad (itinalaga) sa inyo na kagaya rin naman nang pagtatalaga sa mga nangauna sa inyo, upang kayo ay maging *Al-Muttaqun* (magkaroon ng pagpipigil sa sarili, may kabanalan, kabutihan, katuwiran, kataimtiman, atbp.).

أَيَّامًا مَّعْدُودَٰتٍ ۚ فَمَن كَانَ مِنكُم مَّرِيضًا أَوْ عَلَىٰ سَفَرٍ فَعِدَّةٌ مِّنْ أَيَّامٍ أُخَرَ ۚ وَعَلَى ٱلَّذِينَ يُطِيقُونَهُۥ فِدْيَةٌ طَعَامُ مِسْكِينٍ ۖ فَمَن تَطَوَّعَ خَيْرًا فَهُوَ خَيْرٌ لَّهُۥ ۚ وَأَن تَصُومُوا۟ خَيْرٌ لَّكُمْ ۖ إِن كُنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿١٨٤﴾

184. (Magsipag-ayuno) kayo sa natatakdaang bilang ng araw (ng buwan ng Ramadhan); datapuwa't kung sinuman sa inyo ang may karamdaman o naglalakbay, (ito ay maaaring ipagpaliban), at ang natatakdaang araw ay dapat na bayaran sa mga darating na panahon. At sa mga nag-aayuno na walang kakayahan (halimbawa'y dahil sa katandaan), sila ay may kabayaran na magpakain ng isang naghihikahos na tao (sa bawat araw). Datapuwa't sinumang magbibigay pa ng higit dito ayon sa kanyang kagustuhan, ito ay higit na mainam sa kanya. Higit na mabuti sa inyo ang mag-ayuno kung inyo lamang nalalaman.

شَهْرُ رَمَضَانَ ٱلَّذِىٓ أُنزِلَ فِيهِ ٱلْقُرْءَانُ هُدًى لِّلنَّاسِ وَبَيِّنَٰتٍ مِّنَ ٱلْهُدَىٰ وَٱلْفُرْقَانِ ۚ فَمَن شَهِدَ مِنكُمُ ٱلشَّهْرَ فَلْيَصُمْهُ ۖ وَمَن كَانَ مَرِيضًا أَوْ عَلَىٰ سَفَرٍ فَعِدَّةٌ مِّنْ أَيَّامٍ أُخَرَ ۗ يُرِيدُ ٱللَّهُ بِكُمُ ٱلْيُسْرَ وَلَا يُرِيدُ بِكُمُ ٱلْعُسْرَ وَلِتُكْمِلُوا۟ ٱلْعِدَّةَ وَلِتُكَبِّرُوا۟ ٱللَّهَ عَلَىٰ مَا هَدَىٰكُمْ وَلَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ ﴿١٨٥﴾

185. Ang Ramadhan ang buwan nang ipinahayag ang Qur'an, isang patnubay sa sangkatauhan, gayundin naman ay isang maliwanag na Tanda o Katibayan at ang Pamantayan (pamamatnubay at paghatol sa pagitan ng tama at mali). Sinuman sa inyo na namamalagi sa kanyang tahanan (hindi naglalakbay at nakakita ng duklay ng buwan sa unang gabi) ay nararapat na mag-ayuno sa buwan na ito, datapuwa't kung sinuman ang may karamdaman o naglalakbay, (ito ay maaaring ipagpaliban) at ang natatakdaang araw (ay marapat na bayaran) sa mga darating

na panahon. Si Allah ay nagnanais na ang mga pagsamba ay maging magaan sa inyo; ayaw Niya sa inyo (na ilagay kayo) sa kahirapan. (Nais Niyang) tapusin ninyo ang natatakdaang araw, at luwalhatiin Siya (katulad ng pagsasabi ng *Allahu Akbar* ['Pinakadakila si Allah']) sapagkat Kanyang pinatnubayan kayo; upang kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat sa Kanya.

وَإِذَا سَأَلَكَ عِبَادِي عَنِّي فَإِنِّي قَرِيبٌ ۖ أُجِيبُ دَعْوَةَ الدَّاعِ إِذَا دَعَانِ ۖ فَلْيَسْتَجِيبُوا لِي وَلْيُؤْمِنُوا بِي لَعَلَّهُمْ يَرْشُدُونَ ﴿١٨٦﴾

186. At kung ang Aking mga alipin ay magtanong sa iyo (O Muhammad) tungkol sa Akin, kung gayon (sila ay iyong sagutin): "Tunay na Ako ay malapit (sa kanila); Ako ay tumutugon sa panawagan ng bawat nananawagan kung siya ay tumatawag sa Akin." Hayaan ding sila ay tumalima sa Akin at manampalataya sa Akin; upang sila ay magsitahak sa tuwid na landas.

أُحِلَّ لَكُمْ لَيْلَةَ الصِّيَامِ الرَّفَثُ إِلَىٰ نِسَائِكُمْ ۚ هُنَّ لِبَاسٌ لَّكُمْ وَأَنتُمْ لِبَاسٌ لَّهُنَّ ۗ عَلِمَ اللَّهُ أَنَّكُمْ كُنتُمْ تَخْتَانُونَ أَنفُسَكُمْ فَتَابَ عَلَيْكُمْ وَعَفَا عَنكُمْ ۖ فَالْآنَ بَاشِرُوهُنَّ وَابْتَغُوا مَا كَتَبَ اللَّهُ لَكُمْ ۚ وَكُلُوا وَاشْرَبُوا حَتَّىٰ يَتَبَيَّنَ لَكُمُ الْخَيْطُ الْأَبْيَضُ مِنَ الْخَيْطِ الْأَسْوَدِ مِنَ الْفَجْرِ ۖ ثُمَّ أَتِمُّوا الصِّيَامَ إِلَى اللَّيْلِ ۚ وَلَا تُبَاشِرُوهُنَّ وَأَنتُمْ عَاكِفُونَ فِي الْمَسَاجِدِ ۗ تِلْكَ حُدُودُ اللَّهِ فَلَا تَقْرَبُوهَا ۗ كَذَٰلِكَ يُبَيِّنُ اللَّهُ آيَاتِهِ لِلنَّاسِ لَعَلَّهُمْ يَتَّقُونَ ﴿١٨٧﴾

187. Pinahihintulutan kayo sa gabi ng pag-aayuno na inyong sipingan ang inyong asawa. Sila ang inyong *Libas* (katulad ng pangbalabal sa katawan o saplot [laban sa paggawa ng mahalay] o *Sakun* [kasiyahan na mamuhay sa kanyang piling]), at gayundin naman kayo sa kanila. Si Allah ang nakababatid ng mga ginagawa ninyong pandaraya sa inyong sarili, kaya't bumaling Siya sa inyo (at tumanggap ng inyong pagsisisi) at (Kanyang) pinatawad kayo. Kaya't ngayon ay makipag-ulayaw kayo sa kanila at inyong hanapin ang itinalaga ni Allah sa inyo (na mga supling), at kumain kayo at uminom hanggang ang maputing hibla ng pagbubukang-liwayway (pagdatal ng liwanag) ay maging lantad kaysa sa hiblang itim (kadiliman ng gabi); at inyong tapusin ang pag-aayuno hanggang sa dumatal ang gabi; datapuwa't huwag kayong makipag-ulayaw sa kanila (ang inyong asawa) kung kayo ay nasa (kalagayan) ng *I'tikaf* (alalaong baga, ang pamamalagi sa loob ng *Masjid*, sa pag-aala-ala at pananalangin kay Allah at paglisan sa lahat ng mga makamundong gawain), ito ang mga pagbabawal na itinalaga ni Allah, kaya't sila ay

huwag ninyong lapitan (o sipingan). Sa ganitong pamamaraan ay ipinapaliwanag ni Allah ang Kanyang *Ayat* (mga tanda, aral, kapahayagan, katibayan, atbp.) sa sangkatauhan upang sila ay maging *Al-Muttaqun* (magkaroon ng kabanalan, damdamin ng katuwiran, kabutihan, atbp.).

وَلَا تَأْكُلُوٓا۟ أَمْوَٰلَكُم بَيْنَكُم بِٱلْبَٰطِلِ وَتُدْلُوا۟ بِهَآ إِلَى ٱلْحُكَّامِ لِتَأْكُلُوا۟ فَرِيقًا مِّنْ أَمْوَٰلِ ٱلنَّاسِ بِٱلْإِثْمِ وَأَنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿١٨٨﴾

188. At huwag ninyong kamkamin ang mga pag-aari (o ari-arian) ng iba ng walang katarungan, gayundin naman ay huwag kayong magbigay ng suhol sa sinumang namamahala (o hukom) upang inyong makamkam sa kamalian ang ilang bahagi ng pag-aari ng iba, na inyong nalalaman na ito ay ipinagbabawal.

۞ يَسْـَٔلُونَكَ عَنِ ٱلْأَهِلَّةِ ۖ قُلْ هِىَ مَوَٰقِيتُ لِلنَّاسِ وَٱلْحَجِّ ۗ وَلَيْسَ ٱلْبِرُّ بِأَن تَأْتُوا۟ ٱلْبُيُوتَ مِن ظُهُورِهَا وَلَٰكِنَّ ٱلْبِرَّ مَنِ ٱتَّقَىٰ ۗ وَأْتُوا۟ ٱلْبُيُوتَ مِنْ أَبْوَٰبِهَا ۚ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ لَعَلَّكُمْ تُفْلِحُونَ ﴿١٨٩﴾

189. Sila ay nagtatanong sa iyo (O Muhammad) tungkol sa mga bagong buwan. Ipagbadya: "Ito ay mga tanda lamang (upang mapag-alaman) ng sangkatauhan (ang bilang ng panahon sa mga natatanging pagsamba katulad ng pag-aayuno) at *Hajj* (pilgrimahe o pagdalaw sa Banal na Bahay-Dalanginan sa Makkah). Hindi isang *Al-Birr* (kabutihan, katuwiran, kabanalan, atbp.) na magsipasok kayo sa likuran ng bahay (upang magbihis ng *ihram* [tela o kayo na pang-*Hajj*]) datapuwa't ang *Al-Birr* (kabutihan, atbp.) ay ang (ginawa) ng sinumang nangangamba kay Allah. Kaya't magsipasok kayo sa mga pintuan ng bahay (kung nais ninyong magbihis ng *ihram* para sa *Hajj* o *Umrah*) at inyong pangambahan si Allah upang kayo ay magsipagtagumpay.

وَقَٰتِلُوا۟ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ ٱلَّذِينَ يُقَٰتِلُونَكُمْ وَلَا تَعْتَدُوٓا۟ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يُحِبُّ ٱلْمُعْتَدِينَ ﴿١٩٠﴾

190. At makipaglaban kayo alang-alang sa Landas (Relihiyon, Kapakanan) ni Allah sa kanila na nakikipaglaban sa inyo, datapuwa't huwag ninyong labagin ang mga hangganan, sapagkat si Allah ay hindi nagmamahal sa mga nagmamalabis (sa pagsuway) sa hangganan. [Ang talatang ito ay siyang unang ipinahayag tungkol sa *Jihad* (pakikidigma dahil sa Islam), ngunit ito ay kinatigan ng isa pang talata sa Surah 9:36].

وَٱقْتُلُوهُمْ حَيْثُ ثَقِفْتُمُوهُمْ وَأَخْرِجُوهُم مِّنْ حَيْثُ أَخْرَجُوكُمْ ۚ وَٱلْفِتْنَةُ أَشَدُّ مِنَ ٱلْقَتْلِ ۚ وَلَا تُقَٰتِلُوهُمْ

191. At inyong patayin sila (na pumapatay sa inyo), saan man sila ay inyong matagpuan at inyong itaboy sila (mula sa Makkah) kung saan kayo ay kanilang itinaboy; sapagkat ang *Fitnah*

(*Shirk* o pagbibigay ng katambal kay Allah na kanilang ginagawa, gayundin ang kawalan ng pananampalataya) ay higit na masama kaysa sa (inyong) pagpatay (sa kanila). At huwag kayong (manguna) na lumaban sa kanila sa *Masjid Al-Haram* (Banal na Bahay-Dalanginan), maliban na sila (ay manguna) na kayo ay labanan. Datapuwa't kung kayo ay lusubin nila (sa *Masjid Al-Haram*; dito) sila ay inyong patayin. Yaon ang parusa (kabayaran) sa mga walang pananampalataya.

عِندَ ٱلْمَسْجِدِ ٱلْحَرَامِ حَتَّىٰ يُقَٰتِلُوكُمْ فِيهِ ۖ فَإِن قَٰتَلُوكُمْ فَٱقْتُلُوهُمْ ۗ كَذَٰلِكَ جَزَآءُ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿١٩١﴾

192. Datapuwa't kung sila ay tumigil, si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

فَإِنِ ٱنتَهَوْا۟ فَإِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١٩٢﴾

193. At sila (na mga *Mushrik*; mapagsamba sa mga diyus-diyosan) ay inyong labanan hanggang sa mapalis ang *Fitnah* (*Shirk*; kawalan ng pananalig at pagsamba sa iba maliban pa kay Allah) at ang lahat at bawat uri ng pagsamba ay matuon lamang kay Allah. Datapuwa't kung sila ay maglubay (sa pakikipaglaban sa inyo), huwag hayaang magkaroon ng paglalaban at paglabag maliban sa *Zalimun* (mga tampalasan, mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian).

وَقَٰتِلُوهُمْ حَتَّىٰ لَا تَكُونَ فِتْنَةٌ وَيَكُونَ ٱلدِّينُ لِلَّهِ ۖ فَإِنِ ٱنتَهَوْا۟ فَلَا عُدْوَٰنَ إِلَّا عَلَى ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿١٩٣﴾

194. Ang (inyong pakikipaglaban sa mga nagtatambal kay Allah sa loob ng) banal na buwan ay (ganti sa kanilang paglusob sa inyo sa loob ng) banal na buwan, at sinuman ang lumabag sa mga ipinagbabawal na bagay ay dapat parusahan (o gantihan) ng katulad ng kanyang ginawa (alalaong baga, sa mga ipinagbabawal na bagay ay mayroong Batas ng Pagkakapantay-pantay o *Qisas*). Kaya't sinuman ang lumabag (nagmalabis sa hangganan) ng mga ipinagbabawal laban sa inyo, kung gayon, kayo ay lumaban sa kanya nang tulad (din) ng kanyang ginawa sa inyo. Datapuwa't pangambahan ninyo si Allah at inyong alalahanin na si Allah ay nasa panig ng *Al-Muttaqun* (mga may kabanalan, mabuti at matuwid na tao).

ٱلشَّهْرُ ٱلْحَرَامُ بِٱلشَّهْرِ ٱلْحَرَامِ وَٱلْحُرُمَٰتُ قِصَاصٌ ۚ فَمَنِ ٱعْتَدَىٰ عَلَيْكُمْ فَٱعْتَدُوا۟ عَلَيْهِ بِمِثْلِ مَا ٱعْتَدَىٰ عَلَيْكُمْ ۚ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ مَعَ ٱلْمُتَّقِينَ ﴿١٩٤﴾

195. At gumugol kayo (ng inyong kayamanan)

وَأَنفِقُوا۟ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ وَلَا تُلْقُوا۟ بِأَيْدِيكُمْ إِلَى

alang-alang sa Landas (Kapakanan) ni Allah (alalaong baga, ang *Jihad*) at huwag hayaan ang inyong sariling mga kamay ang maghantong sa (inyong) kapahamakan (dahilan sa hindi paggugol ng kayamanan at pagtulong sa *Jihad*), (datapuwa't) magsigawa kayo ng kabutihan (sa pamamagitan nang pagsamba kay Allah at paggugol ng kayamanan); sapagkat si Allah ay nagmamahal sa mga gumagawa ng kabutihan.

اَلتَّهْلُكَةِ ۛ وَأَحْسِنُوٓا۟ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ يُحِبُّ ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿١٩٥﴾

196. At inyong isagawa nang ganap at buo ang *Hajj* (Pilgrimahe) at *Umrah* (Maigsing Pilgrimahe) sa paglilingkod kay Allah. Datapuwa't kung kayo ay nagkaroon ng sagabal (upang magampanan ang lahat ng ito makaraang kayo ay makapagsagawa ng *Ihram*), kayo ay mag-alay ng *Hady* (ang hayop, tulad ng tupa, baka, kamelyo, atbp.) ayon sa inyong kakayahan at huwag ninyong ahitin ang inyong ulo hanggang ang inyong *Hady* ay hindi pa nakararating sa pook ng pag-aalay (pagkaraan nito ay [maaari] na kayong lumabas sa kalagayan ng *Ihram*). At kung sinuman sa inyo ang may sakit, o may karamdaman sa kanyang anit (na kailangang ahitin), siya (ay pinahihintulutang hindi mag-ahit, datapuwa't) nararapat na magbayad ng *Fidya* (pantubos o panghalili, sa pamamagitan nang) pag-aayuno (ng tatlong araw), o magpakain ng mahihirap (anim na katao) o mag-alay (ng isang tupa, sa Makkah). At kung kayo ay nasa (katayuang muli) ng kaligtasan, sinuman ang magsagawa (ng *Hajj At-Tamattu* bilang pagpapatuloy) ng *Umrah* hanggang *Hajj* sa buwan ng *Hajj*, siya ay nararapat na mag-alay ng *Hady* ayon sa kanyang kakayahan (maging isang tupa, o isang baka, o isang kamelyo), datapuwa't kung wala siyang kakayahan ay nararapat na siya ay mag-ayuno ng tatlong araw sa panahon ng *Hajj* at pitong araw pagkauwi niya, ganap na sampung araw sa lahat-lahat. Ito ay para sa kanila na ang mga pamilya ay hindi nakatira (sa loob ng hangganan) ng *Masjid al-Haram* (Banal na Bahay-Dalanginan, [alalaong baga, sila ay hindi

وَأَتِمُّوا۟ ٱلْحَجَّ وَٱلْعُمْرَةَ لِلَّهِ ۚ فَإِنْ أُحْصِرْتُمْ فَمَا ٱسْتَيْسَرَ مِنَ ٱلْهَدْىِ ۖ وَلَا تَحْلِقُوا۟ رُءُوسَكُمْ حَتَّىٰ يَبْلُغَ ٱلْهَدْىُ مَحِلَّهُۥ ۚ فَمَن كَانَ مِنكُم مَّرِيضًا أَوْ بِهِۦٓ أَذًى مِّن رَّأْسِهِۦ فَفِدْيَةٌ مِّن صِيَامٍ أَوْ صَدَقَةٍ أَوْ نُسُكٍ ۚ فَإِذَآ أَمِنتُمْ فَمَن تَمَتَّعَ بِٱلْعُمْرَةِ إِلَى ٱلْحَجِّ فَمَا ٱسْتَيْسَرَ مِنَ ٱلْهَدْىِ ۚ فَمَن لَّمْ يَجِدْ فَصِيَامُ ثَلَٰثَةِ أَيَّامٍ فِى ٱلْحَجِّ وَسَبْعَةٍ إِذَا رَجَعْتُمْ ۗ تِلْكَ عَشَرَةٌ كَامِلَةٌ ۗ ذَٰلِكَ لِمَن لَّمْ يَكُنْ أَهْلُهُۥ حَاضِرِى ٱلْمَسْجِدِ ٱلْحَرَامِ ۚ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ شَدِيدُ ٱلْعِقَابِ ﴿١٩٦﴾

taga-Makkah]). At inyong pangambahan si Allah at inyong maalaman na si Allah ay mahigpit sa kaparusahan.

197. Ang *Hajj* (Pilgrimahe) ay (isinasagawa sa loob) ng mga bantog na buwan (alalaong baga, ang pansampu, panlabing-isa at unang sampung araw ng panlabingdalawang buwan ng kalendaryong Islamiko [*Shawal, Dhul Qaidah* at *Dhul Hijja*], alalaong baga, dalawang buwan at sampung araw). Kaya't kung sinuman ang magpasyang magsagawa ng *Hajj* (Pilgrimahe, sa pamamagitan nang pagsasagawa o pagbibihis ng *Ihram*, alalaong baga, kasuutan na pang-Pilgrimahe), kung gayon, hindi marapat na siya ay makipag-ulayaw sa kanyang asawa, at huwag gumawa ng kasalanan at huwag ding makipagtalo nang walang katarungan sa panahon ng *Hajj*. At anumang mabuti ang inyong gawin, (huwag magkaroon ng alinlangan), si Allah ang nakatatalos ng mga ito. At kayo ay magbaon ng inyong ikabubuhay, datapuwa't ang higit na mainam na baon ay *Taqwa* (kabutihan, kabanalan, pangangamba at pagkatakot kay Allah, atbp.). Kaya't Ako ang inyong pangambahan , O kayong mga tao na may pang-unawa!

ٱلْحَجُّ أَشْهُرٌ مَّعْلُومَٰتٌ ۚ فَمَن فَرَضَ فِيهِنَّ ٱلْحَجَّ فَلَا رَفَثَ وَلَا فُسُوقَ وَلَا جِدَالَ فِى ٱلْحَجِّ ۗ وَمَا تَفْعَلُوا۟ مِنْ خَيْرٍ يَعْلَمْهُ ٱللَّهُ ۗ وَتَزَوَّدُوا۟ فَإِنَّ خَيْرَ ٱلزَّادِ ٱلتَّقْوَىٰ ۚ وَٱتَّقُونِ يَٰٓأُو۟لِى ٱلْأَلْبَٰبِ ﴿١٩٧﴾

198. Hindi isang kasalanan sa inyo kung kayo ay magsihanap ng Biyaya ng inyong Panginoon (sa panahon ng *Hajj* [Pilgrimahe]). At kung kayo ay paalis na sa (Bundok ng) Arafat, inyong alalahanin si Allah (sa pamamagitan nang pagluwalhati sa inyong Panginoon) sa *Mash'ar il-Haram* (Banal na Dambana sa Muzdalifa) at ipagbunyi ang Kanyang papuri sapagkat kayo ay Kanyang pinatnubayan, bagama't bago (kayo napatnubayan), kayo ay napaligaw.

لَيْسَ عَلَيْكُمْ جُنَاحٌ أَن تَبْتَغُوا۟ فَضْلًا مِّن رَّبِّكُمْ ۚ فَإِذَآ أَفَضْتُم مِّنْ عَرَفَٰتٍ فَٱذْكُرُوا۟ ٱللَّهَ عِندَ ٱلْمَشْعَرِ ٱلْحَرَامِ ۖ وَٱذْكُرُوهُ كَمَا هَدَىٰكُمْ وَإِن كُنتُم مِّن قَبْلِهِۦ لَمِنَ ٱلضَّآلِّينَ ﴿١٩٨﴾

199. At kayo ay magsilisan (mula sa Arafat) kung saan ang karamihan ay nagsisialis at kayo ay manawagan kay Allah sa Kanyang kapatawaran. Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

ثُمَّ أَفِيضُوا۟ مِنْ حَيْثُ أَفَاضَ ٱلنَّاسُ وَٱسْتَغْفِرُوا۟ ٱللَّهَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١٩٩﴾

200. Kaya't kung matapos na ninyo ang inyong *Manasik* (mga ritwal at lahat ng seremonya at

فَإِذَا قَضَيْتُم مَّنَاسِكَكُمْ فَٱذْكُرُوا۟ ٱللَّهَ

tungkulin ng *Hajj*), inyong ipagbunyi ang mga papuri kay Allah. Alalahanin ninyo si Allah kung paano ninyo ginugunita ang inyong mga ninuno o higit pa ritong pag-aala-ala (sa puso at kaluluwa). Mayroon (sa karamihan) ng mga tao ang nagsasabi: "Aming Panginoon! Ipagkaloob Ninyo sa amin ang Biyaya (kabutihan) sa mundong ito!" Datapuwa't sila ay walang bahagi sa Kabilang Buhay (dahilan sa hindi nila hiniling ito kay Allah at hindi rin nila pinangarap).

كَذِكْرِكُمْ ءَابَآءَكُمْ أَوْ أَشَدَّ ذِكْرًا ۗ فَمِنَ ٱلنَّاسِ مَن يَقُولُ رَبَّنَآ ءَاتِنَا فِى ٱلدُّنْيَا وَمَا لَهُۥ فِى ٱلْءَاخِرَةِ مِنْ خَلَٰقٍ ﴿٢٠٠﴾

201. At mayroon (sa karamihan) nila ang nagsasabi: "Aming Panginoon! Inyong pagkalooban kami ng mabuti sa mundong ito at ng mabuti sa Kabilang Buhay, at Inyong iadya kami sa kaparusahan ng Apoy!"

وَمِنْهُم مَّن يَقُولُ رَبَّنَآ ءَاتِنَا فِى ٱلدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِى ٱلْءَاخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ ٱلنَّارِ ﴿٢٠١﴾

202. Sa kanila ay igagawad ang Gantimpala ng kanilang pinagsumikapan; at si Allah ay Maagap sa Pagsusulit.

أُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمْ نَصِيبٌ مِّمَّا كَسَبُوا۟ ۚ وَٱللَّهُ سَرِيعُ ٱلْحِسَابِ ﴿٢٠٢﴾

203. At alalahanin si Allah sa panahon ng Natatakdaang Araw (ang tatlong araw na ang mga tao ay namamalagi sa Mina sa panahon ng *Hajj*; sa panlabing-isa, panlabingdalawa at panlabingtatlong araw ng buwan ng *Dhul-Hijjah* sa pagsasabi nang malimit ng *Allahu Akbar* [si Allah ang Pinakadakila sa lahat] at habang nagkakatay ng *Hady* (pangsakripisyong hayop) at sa panahon ng *Ramy* ng *Jamarat* [simbolikong pagpupukol ng mga bato sa mga burol bilang pagtatakwil kay Satanas]), datapuwa't kung sinuman ang magmadali na lumisan (sa Mina) pagkaraan ng dalawang araw (matapos na maisagawa ang pagpupukol ng mga bato sa mga *Jamarat* [burol o bundok]), ito ay hindi isang kasalanan sa kanya at sinumang magpaiwan (sa Mina sa ikatlong araw), ito ay hindi kasalanan sa kanya kung siya ay umiiwas (sa paggawa ng kasalanan, alalaong baga, ang kanyang layunin ay gumawa ng kabutihan at tumalima kay Allah alang-alang sa kanyang *Hajj*), at inyong maalaman na katotohanang kayo ay titipunin tungo sa Kanya.

۞ وَٱذْكُرُوا۟ ٱللَّهَ فِىٓ أَيَّامٍ مَّعْدُودَٰتٍ ۚ فَمَن تَعَجَّلَ فِى يَوْمَيْنِ فَلَآ إِثْمَ عَلَيْهِ ۚ وَمَن تَأَخَّرَ فَلَآ إِثْمَ عَلَيْهِ ۚ لِمَنِ ٱتَّقَىٰ ۗ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّكُمْ إِلَيْهِ تُحْشَرُونَ ﴿٢٠٣﴾

204. At mayroong uri ng tao na ang kanyang

وَمِنَ ٱلنَّاسِ مَن يُعْجِبُكَ قَوْلُهُۥ فِى ٱلْحَيَوٰةِ

pananalita sa buhay sa mundong ito ay nakakaakit sa iyo (O Muhammad), at siya ay nananawagan kay Allah na maging saksi kung ano ang nasa kanyang puso, datapuwa't siya ang pinakapalaaway sa mga umuusig.

ٱلدُّنْيَا وَيُشْهِدُ ٱللَّهَ عَلَىٰ مَا فِى قَلْبِهِۦ وَهُوَ أَلَدُّ ٱلْخِصَامِ ﴿٢٠٤﴾

205. At kung siya ay tumalikod na sa iyo (O Muhammad), ang kanyang pagsisikhay sa kalupaan ay upang gumawa rito ng katampalasanan at kanyang wasakin ang mga pananim at hayupan, datapuwa't si Allah ay hindi nagmamahal sa mga kabuktutan.

وَإِذَا تَوَلَّىٰ سَعَىٰ فِى ٱلْأَرْضِ لِيُفْسِدَ فِيهَا وَيُهْلِكَ ٱلْحَرْثَ وَٱلنَّسْلَ ۗ وَٱللَّهُ لَا يُحِبُّ ٱلْفَسَادَ ﴿٢٠٥﴾

206. At kung sa kanya ay ipinagbabadya: "Pangambahan si Allah", siya ay humahantong sa kapalaluan (sa higit na maraming) kabuktutan. Sapat na sa kanya ang Impiyerno, at tunay namang kasuklam-suklam ang pook na ito para panahanan!

وَإِذَا قِيلَ لَهُ ٱتَّقِ ٱللَّهَ أَخَذَتْهُ ٱلْعِزَّةُ بِٱلْإِثْمِ ۚ فَحَسْبُهُۥ جَهَنَّمُ ۚ وَلَبِئْسَ ٱلْمِهَادُ ﴿٢٠٦﴾

207. At mayroong isang uri ng tao na iniaalay niya ang kanyang buhay upang makamtan ang kasiyahan ni Allah; at si Allah ay Tigib ng Kabaitan sa Kanyang mga alipin.

وَمِنَ ٱلنَّاسِ مَن يَشْرِى نَفْسَهُ ٱبْتِغَآءَ مَرْضَاتِ ٱللَّهِ ۗ وَٱللَّهُ رَءُوفٌۢ بِٱلْعِبَادِ ﴿٢٠٧﴾

208. O kayong nagsisisampalataya! Magsipasok kayo sa Islam (pagsunod, pagtalima, pagsuko sa lahat ng mga kautusan ni Allah) at huwag ninyong sundin ang mga yapak ni Satanas, sapagkat tunay ngang siya ang inyong lantad na kaaway!

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱدْخُلُوا۟ فِى ٱلسِّلْمِ كَآفَّةً ۖ وَلَا تَتَّبِعُوا۟ خُطُوَٰتِ ٱلشَّيْطَٰنِ ۚ إِنَّهُۥ لَكُمْ عَدُوٌّ مُّبِينٌ ﴿٢٠٨﴾

209. At kung kayo ay tumalilis (sa katotohanan o magbalik muli sa kawalan ng pananalig) matapos ang maliwanag na mga Tanda (si Propeta Muhammad, ang Qur'an at Islam) ay dumatal sa inyo, kung gayon, inyong maalaman na si Allah ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakamaalam.

فَإِن زَلَلْتُم مِّنۢ بَعْدِ مَا جَآءَتْكُمُ ٱلْبَيِّنَٰتُ فَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ عَزِيزٌ حَكِيمٌ ﴿٢٠٩﴾

210. Sila (na hindi nananampalataya) ay walang hinihintay (matapos na maiparating sa kanila ang mga tanda), maliban na si Allah ay dumatal sa kanila sa lilim ng mga ulap (sa paraang naaangkop sa Kanyang Kataas-taasan, sa Araw ng Paghuhukom) at (kasama Niya) ang mga Anghel at sa sandaling yaon ang lahat ng bagay

هَلْ يَنظُرُونَ إِلَّآ أَن يَأْتِيَهُمُ ٱللَّهُ فِى ظُلَلٍ مِّنَ ٱلْغَمَامِ وَٱلْمَلَٰٓئِكَةُ ۖ وَقُضِىَ ٱلْأَمْرُ ۚ وَإِلَى ٱللَّهِ تُرْجَعُ ٱلْأُمُورُ ﴿٢١٠﴾

ay Kanyang huhusgahan (pagpapasyahan sa katarungan)? At kay Allah ang paghuhusga sa lahat ng bagay (ang lahat ng katanungan ay magbabalik kay Allah upang hatulan).

سَلْ بَنِيٓ إِسْرَٰٓءِيلَ كَمْ ءَاتَيْنَٰهُم مِّنْ ءَايَةٍۭ بَيِّنَةٍ ۗ وَمَن يُبَدِّلْ نِعْمَةَ ٱللَّهِ مِنۢ بَعْدِ مَا جَآءَتْهُ فَإِنَّ ٱللَّهَ شَدِيدُ ٱلْعِقَابِ ﴿٢١١﴾

211. Iyong tanungin (O Muhammad) ang Angkan ng Israel kung gaano karami ang maliliwanag na *Ayat* (mga tanda, aral, kapahayagan, katibayan, atbp.) na Aming ipinadala sa kanila (ngunit ang lahat ng mga ito ay kanilang nilabag at pinalitan). Datapuwa't sinuman ang magpalit ng Paglingap ni Allah (ang Kanyang Relihiyon, ang Islam, sa ibang pananampalataya, alalaong baga, bumalik sa kawalan ng pananalig at tumalikdan sa Relihiyon ni Allah, ang Islam), matapos na ito ay dumatal sa kanya, kung gayon, katotohanang si Allah ay Mahigpit sa Kaparusahan.

زُيِّنَ لِلَّذِينَ كَفَرُوا۟ ٱلْحَيَوٰةُ ٱلدُّنْيَا وَيَسْخَرُونَ مِنَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ۘ وَٱلَّذِينَ ٱتَّقَوْا۟ فَوْقَهُمْ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ ۗ وَٱللَّهُ يَرْزُقُ مَن يَشَآءُ بِغَيْرِ حِسَابٍ ﴿٢١٢﴾

212. Ang buhay sa mundong ito ay kaakit-akit sa mga hindi sumasampalataya at sila ay nanunuya sa mga sumasampalataya. Datapuwa't sila na sumusunod sa mga Pag-uutos ni Allah at umiiwas sa mga bagay na Kanyang ipinagbabawal ay mangingibabaw sa kanila (na hindi nananampalataya, alalaong baga, ang mga sumasampalataya ay magiging tampok at kahihiyan naman sa mga nagtatakwil ng pananampalataya) sa Araw ng Muling Pagkabuhay. At si Allah ang magkakaloob ng Kanyang Panustos (Biyaya, Pagpapala, Kasaganaan, Karangalan, atbp. sa Araw ng Muling Pagkabuhay) nang walang sukat (o hanggan) sa sinumang Kanyang naisin.

كَانَ ٱلنَّاسُ أُمَّةً وَٰحِدَةً فَبَعَثَ ٱللَّهُ ٱلنَّبِيِّـۧنَ مُبَشِّرِينَ وَمُنذِرِينَ وَأَنزَلَ مَعَهُمُ ٱلْكِتَٰبَ بِٱلْحَقِّ لِيَحْكُمَ بَيْنَ ٱلنَّاسِ فِيمَا ٱخْتَلَفُوا۟ فِيهِ ۚ وَمَا ٱخْتَلَفَ فِيهِ إِلَّا ٱلَّذِينَ أُوتُوهُ مِنۢ بَعْدِ مَا جَآءَتْهُمُ ٱلْبَيِّنَٰتُ بَغْيًۢا بَيْنَهُمْ ۖ فَهَدَى ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لِمَا ٱخْتَلَفُوا۟ فِيهِ مِنَ ٱلْحَقِّ بِإِذْنِهِۦ ۗ وَٱللَّهُ يَهْدِى مَن يَشَآءُ إِلَىٰ صِرَٰطٍ

213. Ang sangkatauhan ay isang pamayanan lamang (iisa ang kanilang Relihiyon, ang Islam, datapuwa't pagkaraan, sila ay nagkaiba-iba ng landas dahil sa kanilang pagsuway sa mga aral nito) at si Allah ang nagsugo ng mga Tagapagbalita na may taglay na magandang balita at paala-ala; at sa kanila ay Kanyang ipinagkaloob ang Aklat sa katotohanan upang kanilang mahatulan ang mga tao sa mga bagay na hindi nila pinagkakasunduan; datapuwa't ang Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at

Kristiyano) ay hindi sumang-ayon sa Relihiyon ni Muhammad, dahilan sa matinding pagkamuhi nila sa kanya, matapos ang maliwanag na mga Katibayan (tanda, aral, kapahayagan, atbp.) tungkol sa kanya ay dumatal sa kanila. At sa kapahintulutan ni Allah (sa pamamagitan ng Kanyang Biyaya) ay Kanyang pinatnubayan sa Katotohanan ang mga sumasampalataya tungkol sa mga bagay na hindi nila pinagkakasunduan. Sapagkat si Allah ang namamatnubay sa sinumang Kanyang maibigan sa Tuwid na Landas.

مُّسْتَقِيمٍ ﴿٢١٣﴾

214. At kayo ba ay nag-aakala na kayo ay magsisipasok sa Paraiso (Halamanan ng Kaligayahan) nang walang anumang (pagsubok sa inyo) na katulad nang dumatal sa mga nangauna sa inyo? Sila ay nakaranas ng mga matinding kahirapan at karamdaman at lubha silang nawalan ng katatagan, na maging ang Tagapagbalita at ang mga naniniwala na kasama niya ay nagsabi: "Kailan pa kaya daratal ang Tulong (Paglingap) ni Allah?" Katotohanan (tunay nga at walang pagsala), ang Tulong ni Allah ay malapit na!

أَمْ حَسِبْتُمْ أَن تَدْخُلُوا۟ ٱلْجَنَّةَ وَلَمَّا يَأْتِكُم مَّثَلُ ٱلَّذِينَ خَلَوْا۟ مِن قَبْلِكُم ۖ مَّسَّتْهُمُ ٱلْبَأْسَآءُ وَٱلضَّرَّآءُ وَزُلْزِلُوا۟ حَتَّىٰ يَقُولَ ٱلرَّسُولُ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مَعَهُۥ مَتَىٰ نَصْرُ ٱللَّهِ ۗ أَلَآ إِنَّ نَصْرَ ٱللَّهِ قَرِيبٌ ﴿٢١٤﴾

215. Itinatanong nila sa iyo (O Muhammad) kung ano ang kanilang dapat gugulin (sa kawanggawa at kanino ito nararapat na ipagkaloob). Ipagbadya: "Anumang kayamanan na inyong gugulin mula sa mabuti ay para sa mga magulang at kamag-anak, at sa mga ulila, at sa mga maralita at sa mga nagigipit na naglalakbay. At anuman ang inyong gagawin na mabuti, tunay na talastas ito ni Allah."

يَسْـَٔلُونَكَ مَاذَا يُنفِقُونَ ۖ قُلْ مَآ أَنفَقْتُم مِّنْ خَيْرٍ فَلِلْوَٰلِدَيْنِ وَٱلْأَقْرَبِينَ وَٱلْيَتَٰمَىٰ وَٱلْمَسَٰكِينِ وَٱبْنِ ٱلسَّبِيلِ ۗ وَمَا تَفْعَلُوا۟ مِنْ خَيْرٍ فَإِنَّ ٱللَّهَ بِهِۦ عَلِيمٌ ﴿٢١٥﴾

216. Ang *Jihad* (ang banal na pakikipagpunyagi sa Islam) ay ipinag-utos sa inyo (O mga Muslim) bagama't ito ay hindi ninyo nais; ngunit, maaaring ang isang bagay na hindi ninyo naiibigan, ito ay mainam (makabubuti) sa inyo, at maaaring ang isang bagay na inyong nagugustuhan, ito ay masama (hindi makabubuti) sa inyo. Datapuwa't si Allah ang nakakaalam at ito ay hindi ninyo nalalaman.

كُتِبَ عَلَيْكُمُ ٱلْقِتَالُ وَهُوَ كُرْهٌ لَّكُمْ ۖ وَعَسَىٰٓ أَن تَكْرَهُوا۟ شَيْـًٔا وَهُوَ خَيْرٌ لَّكُمْ ۖ وَعَسَىٰٓ أَن تُحِبُّوا۟ شَيْـًٔا وَهُوَ شَرٌّ لَّكُمْ ۗ وَٱللَّهُ يَعْلَمُ وَأَنتُمْ لَا تَعْلَمُونَ ﴿٢١٦﴾

217. Sila (na hindi sumasampalataya) ay

يَسْـَٔلُونَكَ عَنِ ٱلشَّهْرِ ٱلْحَرَامِ قِتَالٍ فِيهِ ۖ قُلْ

قِتَالٍ فِيهِ قُلْ قِتَالٌ فِيهِ كَبِيرٌ وَصَدٌّ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ وَكُفْرٌۢ بِهِۦ وَٱلْمَسْجِدِ ٱلْحَرَامِ وَإِخْرَاجُ أَهْلِهِۦ مِنْهُ أَكْبَرُ عِندَ ٱللَّهِ ۚ وَٱلْفِتْنَةُ أَكْبَرُ مِنَ ٱلْقَتْلِ ۗ وَلَا يَزَالُونَ يُقَٰتِلُونَكُمْ حَتَّىٰ يَرُدُّوكُمْ عَن دِينِكُمْ إِنِ ٱسْتَطَٰعُوا۟ ۚ وَمَن يَرْتَدِدْ مِنكُمْ عَن دِينِهِۦ فَيَمُتْ وَهُوَ كَافِرٌ فَأُو۟لَٰٓئِكَ حَبِطَتْ أَعْمَٰلُهُمْ فِى ٱلدُّنْيَا وَٱلْءَاخِرَةِ ۖ وَأُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلنَّارِ ۖ هُمْ فِيهَا خَٰلِدُونَ ﴿٢١٧﴾

nagtatanong sa iyo (O Muhammad) tungkol sa pakikipaglaban sa mga banal na buwan (ang una, pampito, panlabing-isa at panlabingdalawang buwan ng Kalendaryong Islamiko). Ipagbadya: "Ang pakikipaglaban sa mga panahong ito ay isang matinding pagsuway (kasalanan), datapuwa't ang higit na malubhang pagkakasala sa Paningin ni Allah ay ang sansalain (hadlangan) ang sangkatauhan sa pagsunod sa Landas ni Allah, ang hindi pagsampalataya sa Kanyang Relihiyon, at paghadlang (sa mga tao) na makapasok sa *Masjid al-Haram* (Banal na Bahay-Dalanginan sa Makkah) at itaboy ang nagsisipanirahan dito (si Propeta Muhammad at kanyang kasamahan), at ang *Fitnah* (kawalan ng pananampalataya kay Allah at pagsamba sa mga diyus-diyosan) ay higit na masama sa pagpatay (pakikipaglaban). At sila ay hindi kailanman titigil sa pakikipaglaban sa inyo hanggang sa kayo ay kanilang mailayo (mailigaw) sa inyong Relihiyon (Islam, ang Paniniwala sa Nag-iisang Diyos) hangga't makakaya nilang gawin. At sinuman sa inyo ang tumalikod sa kanyang Pananampalataya (ang Islam) at mamatay na walang pananampalataya, (kung gayon), katotohanang ang kanilang mga nagawa ay walang kabuluhan (halaga) sa mundong ito at sa Kabilang Buhay, at sila ang magsisipanirahan sa Apoy. (Sila ay mananahan dito) magpakailanman.

إِنَّ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَٱلَّذِينَ هَاجَرُوا۟ وَجَٰهَدُوا۟ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ أُو۟لَٰٓئِكَ يَرْجُونَ رَحْمَتَ ٱللَّهِ ۚ وَٱللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٢١٨﴾

218. Katotohanan, ang mga nagsisampalataya at mga nagsilikas (dahilan sa Relihiyon ni Allah, ang Islam) at nakikipaglaban alang-alang sa Landas (Kapakanan) ni Allah, sila ay mayroong pag-asa ng Habag ni Allah; at si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

۞ يَسْـَٔلُونَكَ عَنِ ٱلْخَمْرِ وَٱلْمَيْسِرِ ۖ قُلْ فِيهِمَآ إِثْمٌ كَبِيرٌ وَمَنَٰفِعُ لِلنَّاسِ وَإِثْمُهُمَآ أَكْبَرُ مِن نَّفْعِهِمَا ۗ وَيَسْـَٔلُونَكَ مَاذَا يُنفِقُونَ ۖ قُلِ ٱلْعَفْوَ ۗ كَذَٰلِكَ يُبَيِّنُ ٱللَّهُ

219. Sila ay nagtatanong sa iyo (O Muhammad) tungkol sa nakalalasing na inumin at ang pagsusugal (o pagpusta). Ipagbadya: "Sa mga ito ay mayroong malaking kasalanan at ilang kapakinabangan sa mga tao; datapuwa't ang kasalanan ay higit kaysa sa kapakinabangan."

لَكُمُ ٱلْآيَـٰتِ لَعَلَّكُمْ تَتَفَكَّرُونَ ﴿٢١٩﴾

At itinatanong nila sa iyo kung magkano ang dapat nilang gugulin (sa kawanggawa). Ipagbadya: "Kung ano ang lumalabis sa inyong pangangailangan." Kaya't sa ganito ginawa ni Allah na maging maliwanag sa inyo ang Kanyang mga Batas upang kayo ay makapag-isip (ng inyong ikabubuti), - (Ang kautusan sa talatang ito tungkol sa nakalalasing na inumin at pagsusugal ay sinusugan [o pinawalang bisa] sa pamamagitan ng talata sa Surah 5:90),

فِى ٱلدُّنْيَا وَٱلْـَٔاخِرَةِ ۗ وَيَسْـَٔلُونَكَ عَنِ ٱلْيَتَـٰمَىٰ ۖ قُلْ إِصْلَاحٌ لَّهُمْ خَيْرٌ ۖ وَإِن تُخَالِطُوهُمْ فَإِخْوَٰنُكُمْ ۚ وَٱللَّهُ يَعْلَمُ ٱلْمُفْسِدَ مِنَ ٱلْمُصْلِحِ ۚ وَلَوْ شَآءَ ٱللَّهُ لَأَعْنَتَكُمْ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ عَزِيزٌ حَكِيمٌ ﴿٢٢٠﴾

220. Sa (buhay sa) mundong ito at sa Kabilang Buhay. At sila ay nagtatanong sa iyo tungkol sa mga ulila. Ipagbadya: "Ang pinakamainam sa lahat ay pangalagaan nang matapat ang kanilang ari-arian at kung pagsamahin ninyo ang inyong mga gawain (at ari-arian) sa kanila, sila ay inyong mga kapatid (sa Islam). At siya na may pag-iimbot (sa ari-arian nila) at siya na ang pagnanais ay mabuti (na pangalagaan ang kanilang ari-arian) ay nababatid ni Allah." At kung ninais lamang ni Allah, maaari Niyang ilagay kayo sa kagipitan. Katotohanang si Allah ang Pinakamakapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

وَلَا تَنكِحُوا۟ ٱلْمُشْرِكَـٰتِ حَتَّىٰ يُؤْمِنَّ ۚ وَلَأَمَةٌ مُّؤْمِنَةٌ خَيْرٌ مِّن مُّشْرِكَةٍ وَلَوْ أَعْجَبَتْكُمْ ۗ وَلَا تُنكِحُوا۟ ٱلْمُشْرِكِينَ حَتَّىٰ يُؤْمِنُوا۟ ۚ وَلَعَبْدٌ مُّؤْمِنٌ خَيْرٌ مِّن مُّشْرِكٍ وَلَوْ أَعْجَبَكُمْ ۗ أُو۟لَـٰٓئِكَ يَدْعُونَ إِلَى ٱلنَّارِ ۖ وَٱللَّهُ يَدْعُوٓا۟ إِلَى ٱلْجَنَّةِ وَٱلْمَغْفِرَةِ بِإِذْنِهِۦ ۖ وَيُبَيِّنُ ءَايَـٰتِهِۦ لِلنَّاسِ لَعَلَّهُمْ يَتَذَكَّرُونَ ﴿٢٢١﴾

221. At huwag ninyong pangasawahin ang *Mushrikah* (walang pananampalatayang babae kay Allah, pagano, mapagsamba sa mga diyus-diyosan) hanggang sa sila ay manampalataya. Katiyakan, ang isang aliping babae na nananampalataya ay higit na mainam kaysa sa isang (malaya) na *Mushrikah*, kahit na nga siya ay nakagaganyak sa inyo. Huwag din ninyong ipangasawa ang inyong kababaihan sa *Mushrikun* (walang pananampalatayang lalaki kay Allah, pagano, mapagsamba sa mga diyus-diyosan) hanggang sa sila ay manampalataya. Katotohanan, ang isang aliping lalaki na nananampalataya ay higit na mainam kaysa sa isang (malaya) na *Mushrik*, kahit na nga siya ay nakagaganyak sa inyo. Sila yaon (ang mapagsamba sa diyus-diyosan, *Al-Mushrikun*), ay nag-aanyaya sa inyo sa Apoy, datapuwa't si Allah ay nag-aanyaya (sa inyo) sa Paraiso at sa

Kapatawaran (sa inyong mga kasalanan) ayon sa Kanyang Kapasiyahan at ginawa Niyang maliwanag ang Kanyang *Ayat* (mga tanda, aral, kapahayagan, katibayan, atbp.) sa sangkatauhan upang sa gayon sila ay makagunita (tumanggap ng paala-ala).

وَيَسْـَٔلُونَكَ عَنِ ٱلْمَحِيضِ ۖ قُلْ هُوَ أَذًى فَٱعْتَزِلُوا۟ ٱلنِّسَآءَ فِى ٱلْمَحِيضِ ۖ وَلَا تَقْرَبُوهُنَّ حَتَّىٰ يَطْهُرْنَ ۖ فَإِذَا تَطَهَّرْنَ فَأْتُوهُنَّ مِنْ حَيْثُ أَمَرَكُمُ ٱللَّهُ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ يُحِبُّ ٱلتَّوَّٰبِينَ وَيُحِبُّ ٱلْمُتَطَهِّرِينَ ﴿٢٢٢﴾

222. Sila ay nagtatanong sa iyo tungkol sa pagreregla ng mga babae. Ipagbadya: "Ito ay isang *Adha* (isang bagay na makakapinsala sa isang lalaki na makipag-ulayaw sa kanyang asawa), kaya't manatiling malayo sa mga babae sa kanilang pagreregla at huwag ninyo silang lapitan (o makipagniig) hanggang sa sila ay hindi malinis (sa pagreregla at nakapaligo na). At kung nakapaligo na sila (napadalisay na nila ang kanilang sarili, kung gayon), sila ay inyong lapitan sa paraan na ipinag-utos ni Allah (makipag-ulayaw sa kanila sa anumang paraan hangga't ito ay nasa loob ng kanilang kaluba). Katotohanang si Allah ay tunay na nagmamahal sa mga nagbabalik-loob sa Kanya sa pagsisisi at nagmamahal sa kanila na nagpapadalisay ng kanilang sarili (naliligo at naghuhugas na mabuti ng kanilang katawan at maseselang bahagi bilang paghahanda sa pagdarasal, atbp.).

نِسَآؤُكُمْ حَرْثٌ لَّكُمْ فَأْتُوا۟ حَرْثَكُمْ أَنَّىٰ شِئْتُمْ ۖ وَقَدِّمُوا۟ لِأَنفُسِكُمْ ۚ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّكُم مُّلَٰقُوهُ ۗ وَبَشِّرِ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٢٢٣﴾

223. Ang inyong mga asawa ay isang taniman ng binhi, kaya't makipagtalik kayo sa inyong mga asawa (mayamang taniman) sa anumang paraan na inyong naisin, kung kailan at paano ninyo ibig (makipagniig kayo sa inyong mga asawa hangga't ito ay nasa loob ng kanilang kaluba at hindi sa likuran), datapuwa't umusal ng mabuting gawa para sa inyong mga sarili (manalangin na pagkalooban kayo ng mabuting mga supling); at inyong pangambahan si Allah at inyong maalaman na Siya ay inyong makakadaupang-palad (sa Kabilang Buhay), at iyong ibigay (O Muhammad) sa mga sumasampalataya ang magandang balita.

وَلَا تَجْعَلُوا۟ ٱللَّهَ عُرْضَةً لِّأَيْمَٰنِكُمْ أَن تَبَرُّوا۟ وَتَتَّقُوا۟ وَتُصْلِحُوا۟ بَيْنَ ٱلنَّاسِ ۚ

224. At huwag ninyong gamitin (ang Ngalan) ni Allah bilang dahilan sa inyong mga panunumpa (pamamanata) na makapigil sa inyong paggawa ng kabutihan at kabanalan, at magbigay ng

kapayapaan sa sangkatauhan; at si Allah (ang Tanging Isa) na Ganap na Nakakarinig at Lubos na Nakakaalam ng lahat ng bagay (alalaong baga, huwag manumpa nang labis at kung kayo ay nakapanumpa nang laban sa paggawa ng bagay na mabuti, kung gayon, magbigay ng kabayaran para sa sumpa at gumawa ng mabuti).

وَٱللَّهُ سَمِيعٌ عَلِيمٌ ﴿٢٢٤﴾

225. Si Allah ay hindi magpaparusa sa inyo (tatawag sa inyo upang magsulit) sa mga panunumpa na hindi ninyo sinasadya, datapuwa't kayo ay Kanyang tatawagin upang magsulit sa mga naging layon ng inyong puso, at Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamapagpaumanhin.

لَّا يُؤَاخِذُكُمُ ٱللَّهُ بِٱللَّغْوِ فِىٓ أَيْمَـٰنِكُمْ وَلَـٰكِن يُؤَاخِذُكُم بِمَا كَسَبَتْ قُلُوبُكُمْ ۗ وَٱللَّهُ غَفُورٌ حَلِيمٌ ﴿٢٢٥﴾

226. Ang mga nagsigawa ng panata na hindi makikipagtalik sa kanilang mga asawa ay nararapat na maghintay ng apat na buwan, ngunit kung sila ay magbalik (magbago ang kanilang pasya sa loob ng ganitong panahon), katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

لِّلَّذِينَ يُؤْلُونَ مِن نِّسَآئِهِمْ تَرَبُّصُ أَرْبَعَةِ أَشْهُرٍ ۖ فَإِن فَآءُو فَإِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٢٢٦﴾

227. At kung sila ay magpasya sa pakikipaghiwalay (diborsyo), kung gayon, si Allah ang Lubos na Nakakarinig at Ganap na Nakababatid ng lahat ng bagay.

وَإِنْ عَزَمُوا۟ ٱلطَّلَـٰقَ فَإِنَّ ٱللَّهَ سَمِيعٌ عَلِيمٌ ﴿٢٢٧﴾

228. Ang mga nahiwalay (nadiborsyong) babae ay maghihintay (tungkol sa kanilang pagsasama) ng tatlong buwanang regla (upang tuluyan nang mawalan ng bisa ang kanilang pagsasama); at hindi ipinahihintulot sa kanila na ilingid (hindi maka-Diyos na ito ay ilihim) ang nilikha ni Allah sa kanilang sinapupunan kung sila ay sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw. At ang kanilang asawang lalaki ang may karapatan na balikan (o kunin) sila sa panahong ito kung sila ay nagnanais ng pakikipagbalikan (pakikipagkasundo). At sila (ang kababaihan) ay mayroong karapatan (sa kanilang asawa na sila ay pangalagaan, katulad ng gastusin sa bahay, atbp.), gayundin naman (ang kalalakihan) sa kanilang pakikitungo (ang mga babae, sa pagsunod at paggalang) sa paraang

وَٱلْمُطَلَّقَـٰتُ يَتَرَبَّصْنَ بِأَنفُسِهِنَّ ثَلَـٰثَةَ قُرُوٓءٍ ۚ وَلَا يَحِلُّ لَهُنَّ أَن يَكْتُمْنَ مَا خَلَقَ ٱللَّهُ فِىٓ أَرْحَامِهِنَّ إِن كُنَّ يُؤْمِنَّ بِٱللَّهِ وَٱلْيَوْمِ ٱلْـَٔاخِرِ ۚ وَبُعُولَتُهُنَّ أَحَقُّ بِرَدِّهِنَّ فِى ذَٰلِكَ إِنْ أَرَادُوٓا۟ إِصْلَـٰحًا ۚ وَلَهُنَّ مِثْلُ ٱلَّذِى عَلَيْهِنَّ بِٱلْمَعْرُوفِ ۚ وَلِلرِّجَالِ عَلَيْهِنَّ دَرَجَةٌ ۗ وَٱللَّهُ عَزِيزٌ حَكِيمٌ ﴿٢٢٨﴾

makatuwiran, datapuwa't ang kalalakihan ay nakahihigit sa kanila (sa pananagutan), at si Allah ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Lubos na Maalam.

229. Ang paghihiwalay (diborsyo) na pinahihintulutan na magkabalikang muli ang mag-asawa ay dalawang ulit lamang; (sa bawat paghihiwalay, sila ay pinahihintulutan) na magsamang muli sa makatuwirang kasunduan o tuluyang nang sila ay maghiwalay nang matiwasay. Hindi ipinahihintulot sa inyo (O kalalakihan) na bawiin ang anumang *Mahr* (handog o dote na ibinigay ng lalaki sa kanyang mapapangasawa sa panahon ng pag-aasawa o kasal) na inyong ibinigay sa kanila, maliban na lamang kung sila (ang mag-asawa) ay nangangamba na hindi nila masusunod ang hangganang itinakda ni Allah (alalaong baga, hindi matutupad ng lalaki ang mga karapatan sa kanya ng babae, gayundin ang babae sa kanya). Kaya't kung kayo (na mga magulang o husgado) ay nangangamba na hindi nila (ang mag-asawa) masusunod ang mga hangganang itinakda ni Allah (para sa isa't isa), hindi isang kasalanan sa kanila kung ibalik ng asawang babae ang *Mahr* (dote o bahagi nito) para sa paghihiwalay (diborsyo). (Ito ay isang uri ng diborsyo sa Islam na tinatawag na *Al-Khul*, ang paghiwalay ng babae sa kanyang asawa sa pamamagitan ng isang tanging kabayaran). Ito ang mga hangganan (alituntunin) na itinalaga ni Allah, kaya't huwag kayong sumuway dito. At sinumang sumuway sa hangganan (alituntunin) na itinalaga ni Allah, kung gayon, sila ay *Zalimun* (mga tampalasan, mapaggawa ng kamalian, atbp.).

ٱلطَّلَٰقُ مَرَّتَانِ ۖ فَإِمۡسَاكُۢ بِمَعۡرُوفٍ أَوۡ تَسۡرِيحُۢ بِإِحۡسَٰنٍ ۗ وَلَا يَحِلُّ لَكُمۡ أَن تَأۡخُذُواْ مِمَّآ ءَاتَيۡتُمُوهُنَّ شَيۡـًٔا إِلَّآ أَن يَخَافَآ أَلَّا يُقِيمَا حُدُودَ ٱللَّهِ ۖ فَإِنۡ خِفۡتُمۡ أَلَّا يُقِيمَا حُدُودَ ٱللَّهِ فَلَا جُنَاحَ عَلَيۡهِمَا فِيمَا ٱفۡتَدَتۡ بِهِۦ ۗ تِلۡكَ حُدُودُ ٱللَّهِ فَلَا تَعۡتَدُوهَا ۚ وَمَن يَتَعَدَّ حُدُودَ ٱللَّهِ فَأُوْلَٰٓئِكَ هُمُ ٱلظَّٰلِمُونَ ﴿٢٢٩﴾

230. At kung kanyang hiniwalayan (diniborsyo) ang babae (sa pangatlong pagkakataon; pagkaraan nito), siya (ang babae) ay hindi na pinahihintulutan na makipagbalikang muli sa kanya (hindi na niya maaaring mapangasawa), maliban na lamang na siya (ang babae) ay nag-asawa sa ibang lalaki (at ang lalaking ito na

فَإِن طَلَّقَهَا فَلَا تَحِلُّ لَهُۥ مِنۢ بَعۡدُ حَتَّىٰ تَنكِحَ زَوۡجًا غَيۡرَهُۥ ۗ فَإِن طَلَّقَهَا فَلَا جُنَاحَ عَلَيۡهِمَآ أَن يَتَرَاجَعَآ إِن ظَنَّآ أَن يُقِيمَا حُدُودَ ٱللَّهِ ۗ وَتِلۡكَ حُدُودُ ٱللَّهِ يُبَيِّنُهَا لِقَوۡمٍ يَعۡلَمُونَ ﴿٢٣٠﴾

pangalawa niyang asawa) ay hiniwalayan (diniborsyo) siya. (Sa ganito), hindi isang kasalanan sa kanila (ang unang mag-asawa) kung sila ay muling magsama, kung inaakala nila sa kanilang sarili na masusunod nila ang mga alituntunin na itinalaga ni Allah. At ito ang mga alituntunin na itinalaga ni Allah na Kanyang itinuturo sa mga may kaalaman.

وَإِذَا طَلَّقْتُمُ ٱلنِّسَآءَ فَبَلَغْنَ أَجَلَهُنَّ فَأَمْسِكُوهُنَّ بِمَعْرُوفٍ أَوْ سَرِّحُوهُنَّ بِمَعْرُوفٍ ۚ وَلَا تُمْسِكُوهُنَّ ضِرَارًا لِّتَعْتَدُوا۟ ۚ وَمَن يَفْعَلْ ذَٰلِكَ فَقَدْ ظَلَمَ نَفْسَهُۥ ۚ وَلَا تَتَّخِذُوٓا۟ ءَايَٰتِ ٱللَّهِ هُزُوًا ۚ وَٱذْكُرُوا۟ نِعْمَتَ ٱللَّهِ عَلَيْكُمْ وَمَآ أَنزَلَ عَلَيْكُم مِّنَ ٱلْكِتَٰبِ وَٱلْحِكْمَةِ يَعِظُكُم بِهِۦ ۚ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ بِكُلِّ شَىْءٍ عَلِيمٌ ﴿٢٣١﴾

231. At kung inyo nang hiniwalayan (diniborsyo) ang kababaihan at malapit na nilang matupad (ang kundisyon) ng *Iddat* (natatakdaang araw ng paghihintay), sila ay maaari ninyong balikan (o kunin) sa makatuwirang paraan o hayaan silang maging malaya sa makatuwirang paraan. Datapuwa't sila ay huwag ninyong balikan (o kuning) muli upang sila ay apihin (saktan) lamang, at sinumang gumawa nito ay nagbigay-kamalian sa kanyang sarili. At huwag ninyong iturin ang mga Talata (Batas) ni Allah bilang isang katatawanan, datapuwa't alalahanin ninyo ang mga Biyaya ni Allah sa inyo (alalaong baga, ang Islam), at (alalahanin) ninyo ang Kanyang ipinadala sa inyo sa Aklat (ang Qur'an) at *Al-Hikmah* (ang Karunungan, ang mga turo ni Propeta Muhammad at mga Batas, atbp.) tungo sa inyong patnubay. At inyong pangambahan si Allah at inyong maalaman na si Allah ang Ganap na Nakatatalos ng lahat ng bagay.

وَإِذَا طَلَّقْتُمُ ٱلنِّسَآءَ فَبَلَغْنَ أَجَلَهُنَّ فَلَا تَعْضُلُوهُنَّ أَن يَنكِحْنَ أَزْوَٰجَهُنَّ إِذَا تَرَٰضَوْا۟ بَيْنَهُم بِٱلْمَعْرُوفِ ۗ ذَٰلِكَ يُوعَظُ بِهِۦ مَن كَانَ مِنكُمْ يُؤْمِنُ بِٱللَّهِ وَٱلْيَوْمِ ٱلْءَاخِرِ ۗ ذَٰلِكُمْ أَزْكَىٰ لَكُمْ وَأَطْهَرُ ۚ وَٱللَّهُ يَعْلَمُ وَأَنتُمْ لَا تَعْلَمُونَ ﴿٢٣٢﴾

232. At kung inyo nang hiniwalayan (diniborsyo) ang kababaihan (nang minsan o ikalawa lamang) at kanila nang natupad ang *Iddat* (ang natatakdaang araw ng paghihintay, na sila ay hindi ninyo binalikan), sila ay huwag ninyong hadlangan (O kayong mga *Wali* [Tagapangalaga] sa kanila) na makipagbalikang muli sa kanilang dating asawa, kung sila ay kapwa nagkasundo sa makatuwirang paraan. Ito ay iniaatas sa sinumang sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw. (Ang mga kautusang) ito ay higit na kabanalan at kadalisayan sa inyo. Si Allah ang nakababatid at kayo ay walang kaalaman.

۞ وَٱلْوَٰلِدَٰتُ يُرْضِعْنَ أَوْلَٰدَهُنَّ حَوْلَيْنِ كَامِلَيْنِ ۖ لِمَنْ أَرَادَ أَن يُتِمَّ ٱلرَّضَاعَةَ ۚ وَعَلَى ٱلْمَوْلُودِ لَهُۥ رِزْقُهُنَّ وَكِسْوَتُهُنَّ بِٱلْمَعْرُوفِ ۚ لَا تُكَلَّفُ نَفْسٌ إِلَّا وُسْعَهَا ۚ لَا تُضَآرَّ وَٰلِدَةٌۢ بِوَلَدِهَا وَلَا مَوْلُودٌ لَّهُۥ بِوَلَدِهِۦ ۚ وَعَلَى ٱلْوَارِثِ مِثْلُ ذَٰلِكَ ۗ فَإِنْ أَرَادَا فِصَالًا عَن تَرَاضٍ مِّنْهُمَا وَتَشَاوُرٍ فَلَا جُنَاحَ عَلَيْهِمَا ۗ وَإِنْ أَرَدتُّمْ أَن تَسْتَرْضِعُوٓا۟ أَوْلَٰدَكُمْ فَلَا جُنَاحَ عَلَيْكُمْ إِذَا سَلَّمْتُم مَّآ ءَاتَيْتُم بِٱلْمَعْرُوفِ ۗ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ بِمَا تَعْمَلُونَ بَصِيرٌ ﴿٢٣٣﴾

233. Ang mga ina ay dapat magpasuso sa kanilang mga anak sa loob ng dalawang taon, sa sinumang (magulang) na nagnanais na ganapin ang natatakdaang panahon ng pagpapasuso, datapuwa't ang ama ng bata ang siyang mananagot sa halaga ng pagkain at kasuutan ng ina (na nagpapasuso) sa makatwirang paraan. Walang sinumang tao ang papatawan ng dalahin ng higit sa kanyang kakayahan. Walang sinumang ina ang parurusahan (pakikitunguhan nang hindi makatuwiran) dahilan lamang sa kanyang anak, gayundin ang ama, dahilan lamang sa kanyang anak. At sa tagapagmana ng ama (ay may kapanagutan) na katulad ng kung ano ang kapanagutan ng ama para sa kanyang anak (alalaong baga, kung sakaling mamatay ang ama, siya [ang tagapagmana] ang mananagot sa halaga ng pagkain at kasuutan ng ina na nagpapasuso). Kung sila ay kapwa nagpasya sa pag-awat (sa pagpapasuso) sa kanya, sa magkapanabay na pahintulot (sanggunian), ito ay hindi kasalanan sa kanilang dalawa. At kung kayo (mga ama) ay nagpasya na kumuha ng tagapag-alaga na magpapasuso (bilang ina) sa inyong mga anak, ito ay hindi kasalanan sa inyo, ngunit kailangan ninyong bayaran (ang nagpasusong ina) kung ano ang inyong pinagkasunduan na ibigay sa kanya sa makatuwirang paraan. At inyong pangambahan si Allah at inyong maalaman na si Allah ang Ganap na Nakamamasid ng inyong ginagawa.

وَٱلَّذِينَ يُتَوَفَّوْنَ مِنكُمْ وَيَذَرُونَ أَزْوَٰجًا يَتَرَبَّصْنَ بِأَنفُسِهِنَّ أَرْبَعَةَ أَشْهُرٍ وَعَشْرًا ۖ فَإِذَا بَلَغْنَ أَجَلَهُنَّ فَلَا جُنَاحَ عَلَيْكُمْ فِيمَا فَعَلْنَ فِىٓ أَنفُسِهِنَّ بِٱلْمَعْرُوفِ ۗ وَٱللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ خَبِيرٌ ﴿٢٣٤﴾

234. At sa inyo na pumanaw at nakaiwan ng asawa, sila (na mga babaeng balo) ay maghihintay (tungkol sa kanilang naging pagsasama) sa loob ng apat na buwan at sampung araw, at kung kanilang naganap na ang natatakdaang panahon, hindi isang kasalanan sa inyo (mga *Wali* o mga Tagapangalaga) kung sila (mga balong babae) ay magpasya sa kanilang sarili sa makatuwiran at marangal na paraan (alalaong baga, ang makapag-asawang muli). At si Allah ang Ganap na Nakatatalos ng inyong ginagawa.

وَلَا جُنَاحَ عَلَيْكُمْ فِيمَا عَرَّضْتُم بِهِۦ مِنْ خِطْبَةِ ٱلنِّسَآءِ أَوْ أَكْنَنتُمْ فِىٓ أَنفُسِكُمْ ۚ عَلِمَ ٱللَّهُ أَنَّكُمْ سَتَذْكُرُونَهُنَّ وَلَٰكِن لَّا تُوَاعِدُوهُنَّ سِرًّا إِلَّآ أَن تَقُولُوا۟ قَوْلًا مَّعْرُوفًا ۬ وَلَا تَعْزِمُوا۟ عُقْدَةَ ٱلنِّكَاحِ حَتَّىٰ يَبْلُغَ ٱلْكِتَٰبُ أَجَلَهُۥ ۚ وَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ يَعْلَمُ مَا فِىٓ أَنفُسِكُمْ فَٱحْذَرُوهُ ۖ وَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ حَلِيمٌ ﴿٢٣٥﴾

235. Hindi kasalanan sa inyo kung kayo ay magpahiwatig ng kasunduang magpakasal (sa kanila na mga balo, bago pa man nila maganap ang natatakdaang panahon ng paghihintay) o ilingid ninyo ito sa inyong sarili (hanggang maganap na nila ang panahon ng kanilang paghihintay). Si Allah ang nakababatid na naguguni-gunita (naaala-ala) ninyo sila (sa inyong puso); datapuwa't huwag kayong mangako ng kasunduan sa kanila sa lingid (upang gumawa ng kalaswaan), maliban na kayo ay mangusap sa kanila sa marangal na pagsasalita ayon sa Batas Islamiko. At huwag ninyong ganapin ang pag-aasawa (pagpapakasal) hangga't ang natatakdaang araw ay hindi pa natatapos. At inyong maalaman na nababatid ni Allah ang nasa inyong isipan, kaya't pangambahan Siya. At inyong maalaman na si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamapagpaumanhin.

لَّا جُنَاحَ عَلَيْكُمْ إِن طَلَّقْتُمُ ٱلنِّسَآءَ مَا لَمْ تَمَسُّوهُنَّ أَوْ تَفْرِضُوا۟ لَهُنَّ فَرِيضَةً ۖ وَمَتِّعُوهُنَّ عَلَى ٱلْمُوسِعِ قَدَرُهُۥ وَعَلَى ٱلْمُقْتِرِ قَدَرُهُۥ مَتَٰعًۢا بِٱلْمَعْرُوفِ ۖ حَقًّا عَلَى ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿٢٣٦﴾

236. Hindi isang kasalanan sa inyo kung inyong hiwalayan (diborsyuhin) ang kababaihan kahit na sila ay hindi pa ninyo nakakaulayaw (hindi pa kayo nagkaroon ng pakikipagtalik sa kanila) o hindi pa naibibigay ang *Mahr* (dote o handog na ibinibigay ng lalaki sa babae sa panahon ng pag-aasawa). Datapuwa't sila ay inyong gawaran (ng angkop na handog), ang mayaman ng ayon sa kanyang kakayahan, at ng mahirap ng ayon sa kanyang kakayahan; (ito ay isang) tungkulin (ang handog sa makatuwirang halaga) ng sinuman na nagnanais na gumawa ng mabuti.

وَإِن طَلَّقْتُمُوهُنَّ مِن قَبْلِ أَن تَمَسُّوهُنَّ وَقَدْ فَرَضْتُمْ لَهُنَّ فَرِيضَةً فَنِصْفُ مَا فَرَضْتُمْ إِلَّآ أَن يَعْفُونَ أَوْ يَعْفُوَا۟ ٱلَّذِى بِيَدِهِۦ عُقْدَةُ ٱلنِّكَاحِ ۚ وَأَن تَعْفُوٓا۟ أَقْرَبُ لِلتَّقْوَىٰ ۚ وَلَا تَنسَوُا۟ ٱلْفَضْلَ بَيْنَكُمْ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ بِمَا تَعْمَلُونَ بَصِيرٌ ﴿٢٣٧﴾

237. At kung sila (ang kababaihan) ay inyong hiniwalayan (dinoborsyo) bago pa sila ay inyong makaulayaw (bago pa kayo magkaroon ng pakikipagtalik sa kanila), (datapuwa't) ang *Mahr* (dote o handog) ay napagpasyahan na, kung gayon, ang kalahati ng *Mahr* (dote o handog) ay nalalaan sa kanila (marapat na ibigay sa kanila), maliban na lamang (kung ang kababaihan) ay pumayag na hayaan na lamang (sa lalaki, maging ang kalahati) nito, o kung (ang lalaki) ay pumayag na hayaan na lamang

(sa babae) ang lahat ng ito. Datapuwa't ang magparaya at magbigay (sa kanya ng buong *Mahr* [dote o handog]) ay higit na malapit sa kabanalan. At huwag ninyong kaligtaan ang pagiging mapagparaya sa isa't isa. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakamamasid ng inyong ginagawa.

حَٰفِظُواْ عَلَى ٱلصَّلَوَٰتِ وَٱلصَّلَوٰةِ ٱلْوُسْطَىٰ وَقُومُواْ لِلَّهِ قَٰنِتِينَ ﴿٢٣٨﴾

238. Inyong pangalagaan ang pag-aalay ng *Salah* (ang limang beses na katungkulang pagdarasal araw-araw), lalung-lalo na ang *Salat'ul Asr* (alalaong baga, ang Panggitnang Panalangin o panghapong pagdarasal). At inyong isagawa ang *Salah* ng may pagpapakumbaba kay Allah.

فَإِنْ خِفْتُمْ فَرِجَالًا أَوْ رُكْبَانًا ۖ فَإِذَآ أَمِنتُمْ فَٱذْكُرُواْ ٱللَّهَ كَمَا عَلَّمَكُم مَّا لَمْ تَكُونُواْ تَعْلَمُونَ ﴿٢٣٩﴾

239. At kung kayo ay nangangamba (sa isang kaaway), kung gayo'y manatiling nakatindig habang nag-aalay ng *Salah* (pagdarasal), o habang nakasakay (halimbawa ay sa kabayo). At kung kayo ay nasa ligtas na kalagayan, inyong ialay ang *Salah* (pagdarasal) at alalahanin si Allah sa paraan na Kanyang itinuro sa inyo na hindi ninyo nababatid (noon).

وَٱلَّذِينَ يُتَوَفَّوْنَ مِنكُمْ وَيَذَرُونَ أَزْوَٰجًا وَصِيَّةً لِّأَزْوَٰجِهِم مَّتَٰعًا إِلَى ٱلْحَوْلِ غَيْرَ إِخْرَاجٍ ۚ فَإِنْ خَرَجْنَ فَلَا جُنَاحَ عَلَيْكُمْ فِى مَا فَعَلْنَ فِىٓ أَنفُسِهِنَّ مِن مَّعْرُوفٍ ۗ وَٱللَّهُ عَزِيزٌ حَكِيمٌ ﴿٢٤٠﴾

240. At sa inyo na pumanaw at nakaiwan ng mga asawa, ay nararapat na gumawa ng huling habilin (bago pumanaw) na nagbibigay sa kanilang mga asawa mula sa kanyang mga ari-arian ng isang taong panustos (ikabubuhay) at tirahan na walang pagtataboy sa kanila (habang sila ay nakatira sa bahay ng yumao), datapuwa't kung nais nila (mga asawang babae) na umalis, kayo (mga magulang at kaanak ng yumao) ay walang kasalanan, sa anumang gagawin nila sa kanilang sarili, kung sa pamamaraan na ito ay kapita-pitagan (alalaong baga, muling mag-asawa). At si Allah ang Pinakamataas sa Kapangyarihan, ang Lubos na Maalam. (Ang kautusan sa talatang ito ay sinusugan [o pinawalang bisa] sa pamamagitan ng talata sa Surah 4:12)

وَلِلْمُطَلَّقَٰتِ مَتَٰعٌۢ بِٱلْمَعْرُوفِ ۖ حَقًّا عَلَى ٱلْمُتَّقِينَ ﴿٢٤١﴾

241. At karapatan ng mga nahiwalayan (nadiborsyong) kababaihan ang sustento (o panustos na kabuhayan) na igawad sa kanila sa makatuwirang paraan. Ito ay isang katungkulan

ng *Al-Muttaqun* (mga may pangangamba kay Allah, may kabanalan, atbp.).

كَذَٰلِكَ يُبَيِّنُ ٱللَّهُ لَكُمْ ءَايَٰتِهِۦ لَعَلَّكُمْ تَعْقِلُونَ ﴿٢٤٢﴾

242. At sa ganito ay ginawa ni Allah na maliwanag ang Kanyang mga Batas sa inyo upang kayo ay magkaroon ng pang-unawa.

۞ أَلَمْ تَرَ إِلَى ٱلَّذِينَ خَرَجُوا۟ مِن دِيَٰرِهِمْ وَهُمْ أُلُوفٌ حَذَرَ ٱلْمَوْتِ فَقَالَ لَهُمُ ٱللَّهُ مُوتُوا۟ ثُمَّ أَحْيَٰهُمْ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَذُو فَضْلٍ عَلَى ٱلنَّاسِ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَ ٱلنَّاسِ لَا يَشْكُرُونَ ﴿٢٤٣﴾

243. Hindi mo ba napag-isip (O Muhammad) ang tungkol sa mga lumisan sa kanilang tahanan, na sila ay libu-libo (sa bilang) dahil sa kanilang pagkatakot sa kamatayan? Si Allah ay nagwika sa kanila: "Mamatay." At pagkatapos ay ibinalik Niya ang kanilang buhay. Sapagkat si Allah ay Tigib ng Biyaya sa sangkatauhan datapuwa't ang karamihan sa kanila ay walang damdamin ng pasasalamat.

وَقَٰتِلُوا۟ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ وَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ سَمِيعٌ عَلِيمٌ ﴿٢٤٤﴾

244. At kayo ay makipaglaban alang-alang sa Landas (Kapakanan) ni Allah at inyong maalaman na si Allah ang Ganap na Nakakarinig at Lubos na Nakababatid ng lahat ng bagay.

مَّن ذَا ٱلَّذِى يُقْرِضُ ٱللَّهَ قَرْضًا حَسَنًا فَيُضَٰعِفَهُۥ لَهُۥٓ أَضْعَافًا كَثِيرَةً ۚ وَٱللَّهُ يَقْبِضُ وَيَبْصُۜطُ ۖ وَإِلَيْهِ تُرْجَعُونَ ﴿٢٤٥﴾

245. Sinuman ang magpautang kay Allah ng isang magandang pautang, (katiyakang) ito ay pararamihin ni Allah nang paulit-ulit para sa kanya. Si Allah ang nagpapaunti at nagpaparami (ng inyong ikabubuhay), at sa Kanya kayo ay magbabalik.

أَلَمْ تَرَ إِلَى ٱلْمَلَإِ مِنۢ بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ مِنۢ بَعْدِ مُوسَىٰ إِذْ قَالُوا۟ لِنَبِىٍّ لَّهُمُ ٱبْعَثْ لَنَا مَلِكًا نُّقَٰتِلْ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ ۖ قَالَ هَلْ عَسَيْتُمْ إِن كُتِبَ عَلَيْكُمُ ٱلْقِتَالُ أَلَّا تُقَٰتِلُوا۟ ۖ قَالُوا۟ وَمَا لَنَآ أَلَّا نُقَٰتِلَ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ وَقَدْ أُخْرِجْنَا مِن دِيَٰرِنَا وَأَبْنَآئِنَا ۖ فَلَمَّا كُتِبَ عَلَيْهِمُ ٱلْقِتَالُ تَوَلَّوْا۟ إِلَّا قَلِيلًا مِّنْهُمْ ۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌۢ بِٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٢٤٦﴾

246. Hindi baga ninyo napag-isip ang tungkol sa pangkat ng Angkan ng Israel pagkaraan (ng panahon) ni Moises? Nang kanilang sabihin sa propeta na mula sa kanilang lipon: "Magtalaga ka sa amin ng isang hari at kami ay makikipaglaban sa Kapakanan ni Allah." Siya (ang propeta) ay nagsabi: "Baka naman kayo ay hindi makikipaglaban kung ang pakikipaglaban ay itinagubilin sa inyo?" Sila ay nagsabi: "Paano kami hindi makikipaglaban sa Kapakanan ni Allah samantalang kami ay itinaboy nila sa aming mga tahanan at (inilayo sa aming) mga anak?" Datapuwa't nang sila ay pinag-utusan na makipaglaban, sila ay umurong maliban (lamang) sa ilan sa kanila. At si Allah ang may Ganap na Kaalaman sa *Zalimun* (mga gumagawa ng kamalian, mapagsamba sa diyus-diyosan, atbp.).

وَقَالَ لَهُمْ نَبِيُّهُمْ إِنَّ ٱللَّهَ قَدْ بَعَثَ لَكُمْ طَالُوتَ مَلِكًا ۚ قَالُوٓا۟ أَنَّىٰ يَكُونُ لَهُ ٱلْمُلْكُ عَلَيْنَا وَنَحْنُ أَحَقُّ بِٱلْمُلْكِ مِنْهُ وَلَمْ يُؤْتَ سَعَةً مِّنَ ٱلْمَالِ ۚ قَالَ إِنَّ ٱللَّهَ ٱصْطَفَىٰهُ عَلَيْكُمْ وَزَادَهُۥ بَسْطَةً فِى ٱلْعِلْمِ وَٱلْجِسْمِ ۖ وَٱللَّهُ يُؤْتِى مُلْكَهُۥ مَن يَشَآءُ ۚ وَٱللَّهُ وَٰسِعٌ عَلِيمٌ ﴿٢٤٧﴾

247. At ang kanilang Propeta (si Samuel) ay nagsabi sa kanila: "Katiyakang si Allah ay nagtalaga kay Talut (Saul) bilang hari sa inyo." Sila ay nagsabi: "Papaano siya magiging hari sa amin samantalang kami ay higit na marapat na magpatupad ng kapamahalaan kaysa sa kanya at siya ay hindi biniyayaan ng maraming kayamanan?" Siya ay nagsabi: "Si Allah ang humirang sa kanya nang higit sa inyo at (Kanyang) biniyayaan siya nang higit na karunungan at katikasan. Si Allah ang nagkakaloob ng kapamahalaan sa sinumang Kanyang maibigan. At si Allah ang may Ganap na Kasapatan sa pangangailangan ng Kanyang mga nilikha, ang Puspos ng Karunungan."

وَقَالَ لَهُمْ نَبِيُّهُمْ إِنَّ ءَايَةَ مُلْكِهِۦٓ أَن يَأْتِيَكُمُ ٱلتَّابُوتُ فِيهِ سَكِينَةٌ مِّن رَّبِّكُمْ وَبَقِيَّةٌ مِّمَّا تَرَكَ ءَالُ مُوسَىٰ وَءَالُ هَٰرُونَ تَحْمِلُهُ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَةً لَّكُمْ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ﴿٢٤٨﴾

248. At ang kanilang Propeta (si Samuel) ay nagsabi sa kanila: "Katotohanan, ang tanda ng kanyang (si Talut) pagiging hari sa inyo ay ang pagdating sa inyo ng Kaban (*At-Tabut*, baul na kahoy), na dala ng mga Anghel mula sa inyong Panginoon, na naroroon ang *Sakinah* (kapayapaan, kapanatagan at katahimikan), at ang mga latak ng mga naiwan ni Moises at Aaron. Katotohanang ito ay Tanda (ng pagiging hari ni Talut) sa inyo kung kayo ay naniniwala".

فَلَمَّا فَصَلَ طَالُوتُ بِٱلْجُنُودِ قَالَ إِنَّ ٱللَّهَ مُبْتَلِيكُم بِنَهَرٍ فَمَن شَرِبَ مِنْهُ فَلَيْسَ مِنِّى وَمَن لَّمْ يَطْعَمْهُ فَإِنَّهُۥ مِنِّىٓ إِلَّا مَنِ ٱغْتَرَفَ غُرْفَةًۢ بِيَدِهِۦ ۚ فَشَرِبُوا۟ مِنْهُ إِلَّا قَلِيلًا مِّنْهُمْ ۗ فَلَمَّا جَاوَزَهُۥ هُوَ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مَعَهُۥ قَالُوا۟ لَا طَاقَةَ لَنَا ٱلْيَوْمَ بِجَالُوتَ وَجُنُودِهِۦ ۚ قَالَ ٱلَّذِينَ يَظُنُّونَ أَنَّهُم مُّلَٰقُوا۟ ٱللَّهِ كَم مِّن فِئَةٍ قَلِيلَةٍ غَلَبَتْ فِئَةً كَثِيرَةًۢ بِإِذْنِ ٱللَّهِ ۗ وَٱللَّهُ مَعَ ٱلصَّٰبِرِينَ ﴿٢٤٩﴾

249. At nang si Talut (Saul) ay tumulak na kasama ang sandatahan, siya ay nagsabi: "Katotohanang si Allah ay susubok sa inyo sa (pamamagitan ng) ilog; kung sinuman ang uminom dito (ng tubig), siya ay hindi ko kasama; at sinuman ang hindi tumikim nito ay aking (magiging) kasama, maliban sa kanya (na uminom nito) sa kulong ng kanyang palad." Datapuwa't sila ay uminom dito, (lahat sila), maliban sa iilan. At nang kanilang matawid (ang ilog), siya at ang mga kasama niya na nananampalataya (ang mga nagsiinom dito) ay nagsabi: "Sa araw na ito ay wala tayong lakas laban kay Goliath at sa kanyang mga kabig." Datapuwa't sila na nakababatid ng may katiyakan na kanilang makakatipan ang kanilang Panginoon ay nagsabi: "Gaano kadalas na ang isang maliit na pangkat ay nagwawagi sa

malaking pangkat sa kapahintulutan ni Allah? Si Allah ay nasa panig ng mga matimtiman sa pagtitiyaga (matiiisin).”

وَلَمَّا بَرَزُوا۟ لِجَالُوتَ وَجُنُودِهِۦ قَالُوا۟ رَبَّنَآ أَفْرِغْ عَلَيْنَا صَبْرًا وَثَبِّتْ أَقْدَامَنَا وَٱنصُرْنَا عَلَى ٱلْقَوْمِ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٢٥٠﴾

250. At nang sila ay pumalaot upang sagupain si Goliath at ang kanyang mga kabig, sila ay nanalangin: “Aming Panginoon! Ibuhos Ninyo sa amin ang pagtitiyaga at gawin Ninyong matatag ang aming mga hakbang. Kami ay gawin Ninyong matagumpay laban sa mga walang pananampalataya.”

فَهَزَمُوهُم بِإِذْنِ ٱللَّهِ وَقَتَلَ دَاوُۥدُ جَالُوتَ وَءَاتَىٰهُ ٱللَّهُ ٱلْمُلْكَ وَٱلْحِكْمَةَ وَعَلَّمَهُۥ مِمَّا يَشَآءُ ۗ وَلَوْلَا دَفْعُ ٱللَّهِ ٱلنَّاسَ بَعْضَهُم بِبَعْضٍ لَّفَسَدَتِ ٱلْأَرْضُ وَلَٰكِنَّ ٱللَّهَ ذُو فَضْلٍ عَلَى ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٢٥١﴾

251. Sa kapahintulutan ni Allah ay kanilang nagapi sila at napatay ni David si Goliath, at si Allah ay naggawad sa kanya (David) ng kaharian at *Hikmah* (karunungan) [pagkaraan ng kamatayan ni Saul at Samuel], at nagturo sa kanya ng Kanyang ninanais. At kung hindi pinigilan ni Allah ang isang lipon ng mga tao sa pamamagitan ng iba, ang kalupaan ay katiyakang mapupuspos ng kabuktutan. Datapuwa’t si Allah ay Puspos ng Biyaya sa lahat ng Kanyang mga nilalang.

تِلْكَ ءَايَٰتُ ٱللَّهِ نَتْلُوهَا عَلَيْكَ بِٱلْحَقِّ ۚ وَإِنَّكَ لَمِنَ ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿٢٥٢﴾

252. Ito ang *Ayat* (mga talata, aral, kapahayagan, katibayan, atbp.) ni Allah, na Aming dinadalit sa iyo (O Muhammad) sa Katotohanan, at (katiyakang) ikaw ay isa sa mga Tagapagbalita (ni Allah).

۞ تِلْكَ ٱلرُّسُلُ فَضَّلْنَا بَعْضَهُمْ عَلَىٰ بَعْضٍ
مِّنْهُم مَّن كَلَّمَ ٱللَّهُ ۖ وَرَفَعَ بَعْضَهُمْ دَرَجَٰتٍ ۚ
وَءَاتَيْنَا عِيسَى ٱبْنَ مَرْيَمَ ٱلْبَيِّنَٰتِ
وَأَيَّدْنَٰهُ بِرُوحِ ٱلْقُدُسِ ۗ وَلَوْ شَآءَ ٱللَّهُ
مَا ٱقْتَتَلَ ٱلَّذِينَ مِنۢ بَعْدِهِم مِّنۢ بَعْدِ مَا
جَآءَتْهُمُ ٱلْبَيِّنَٰتُ وَلَٰكِنِ ٱخْتَلَفُوا۟ فَمِنْهُم
مَّنْ ءَامَنَ وَمِنْهُم مَّن كَفَرَ ۚ وَلَوْ شَآءَ ٱللَّهُ مَا
ٱقْتَتَلُوا۟ وَلَٰكِنَّ ٱللَّهَ يَفْعَلُ مَا يُرِيدُ ﴿٢٥٣﴾

253. Silang mga Tagapagbalita (Sugo)! Ang ilan sa kanila ay Aming hinirang na maging higit sa iba (sa kapanagutan at tungkulin); sa ilan sa kanila, si Allah ay nakipag-usap; ang ilan ay Kanyang itinaas sa antas (ng karangalan); at kay Hesus na anak ni Maria, ay Aming ibinigay ang maliwanag na mga Himala (Tanda at Katibayan) at siya ay pinatatag Namin ng Banal na Espiritu (*Ruh-ul-Qudus* o Anghel Gabriel). At kung pinayagan lamang ni Allah, ang mga sumunod na lahi pagkaraan nila ay hindi makikipaglaban laban sa isa't isa pagkaraang ang maliwanag na mga Tanda (Kapahayagan ni Allah) ay dumatal sa kanila, datapuwa't sila ay hindi nagkasundo, ang ilan sa kanila ay sumampalataya at ang iba ay hindi sumampalataya. At kung pinayagan lamang ni Allah, sila ay hindi makikipaglaban laban sa isa't isa, datapuwa't si Allah ay gumagawa ng Kanyang maibigan.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ أَنفِقُوا۟ مِمَّا رَزَقْنَٰكُم مِّن
قَبْلِ أَن يَأْتِىَ يَوْمٌ لَّا بَيْعٌ فِيهِ وَلَا خُلَّةٌ وَلَا
شَفَٰعَةٌ ۗ وَٱلْكَٰفِرُونَ هُمُ ٱلظَّٰلِمُونَ ﴿٢٥٤﴾

254. O kayong nagsisisampalataya! Gumugol kayo ng ilan sa mga ipinagkaloob Namin sa inyo, bago sumapit ang Araw na rito ay walang pakikipagtawaran (pakiusapan), gayundin ang pakikipagkaibigan at pamamagitan. At ang mga hindi nananampalataya, sila ang *Zalimun* (mga gumagawa ng kamalian, tampalasan, buktot, buhong, pagano, atbp.).

ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ٱلْحَىُّ ٱلْقَيُّومُ ۚ لَا تَأْخُذُهُۥ
سِنَةٌ وَلَا نَوْمٌ ۚ لَّهُۥ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى
ٱلْأَرْضِ ۗ مَن ذَا ٱلَّذِى يَشْفَعُ عِندَهُۥٓ إِلَّا
بِإِذْنِهِۦ ۚ يَعْلَمُ مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْ ۖ وَلَا
يُحِيطُونَ بِشَىْءٍ مِّنْ عِلْمِهِۦٓ إِلَّا بِمَا شَآءَ ۚ
وَسِعَ كُرْسِيُّهُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ ۖ وَلَا يَـُٔودُهُۥ
حِفْظُهُمَا ۚ وَهُوَ ٱلْعَلِىُّ ٱلْعَظِيمُ ﴿٢٥٥﴾

255. Si Allah! *La ilaha illa Huwa* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), ang may Walang Hanggang Buhay, ang may Walang Hanggang Kapangyarihan (may Sariling Kasapatan; ang Tagapanustos at Nangangalaga ng lahat ng mga nilalang). Ang antok at pagkaidlip ay hindi maaaring makapanaig sa Kanya. Siya ang nag-aangkin ng lahat ng bagay sa mga kalangitan at kalupaan. Sino kaya baga ang makakapamagitan sa Kanya malibang Kanyang pahintulutan? Talastas Niya kung ano ang nangyayari sa Kanyang mga nilikha sa mundong ito (noon, pagkaraan, ngayon, bukas, sa kanilang harapan at sa kanilang likuran), at ang

kanilang kasasapitan sa Kabilang Buhay. At sila ay hindi makakapagtamo ng anuman sa Kanyang karunungan maliban na Kanyang naisin. Ang Kanyang *Kursi* (Luklukan) ay sumasaklaw sa mga kalangitan at kalupaan, at Siya ay hindi napapagal sa pagbabantay at pagpapanatili sa kanila (mga kalangitan at kalupaan). At Siya ang Kataas-taasan, ang Pinakadakila. (*Ayat-ul-Kursi*).

لَآ إِكْرَاهَ فِى ٱلدِّينِ ۖ قَد تَّبَيَّنَ ٱلرُّشْدُ مِنَ ٱلْغَىِّ ۚ فَمَن يَكْفُرْ بِٱلطَّٰغُوتِ وَيُؤْمِنۢ بِٱللَّهِ فَقَدِ ٱسْتَمْسَكَ بِٱلْعُرْوَةِ ٱلْوُثْقَىٰ لَا ٱنفِصَامَ لَهَا ۗ وَٱللَّهُ سَمِيعٌ عَلِيمٌ ﴿٢٥٦﴾

256. Walang pamimilit sa pananampalataya. Katotohanan, ang Tamang Landas (katuwiran) ay naiiba (bukod) sa maling landas (kamalian). Sinuman ang hindi manampalataya sa *Taghut* (mga diyus-diyosan, idolo, imahen, anupamang sinasamba maliban pa kay Allah tulad ng anghel, banal na tao, propeta, satanas, bato, libingan, Hesus na anak ni Maria, krus, atbp.) at manalig kay Allah ay nakasakmal ng tunay na mapagkakatiwalaang tangan na hindi masisira. At si Allah ang Nakakarinig at Nakababatid ng lahat ng bagay.

ٱللَّهُ وَلِىُّ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ يُخْرِجُهُم مِّنَ ٱلظُّلُمَٰتِ إِلَى ٱلنُّورِ ۖ وَٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ أَوْلِيَآؤُهُمُ ٱلطَّٰغُوتُ يُخْرِجُونَهُم مِّنَ ٱلنُّورِ إِلَى ٱلظُّلُمَٰتِ ۗ أُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلنَّارِ ۖ هُمْ فِيهَا خَٰلِدُونَ ﴿٢٥٧﴾

257. Si Allah ang *Wali* (Tagapangalaga o Tagapagtangkilik) ng mga nananampalataya (mayroong pananalig); mula sa (kailaliman) ng kadiliman ay Kanyang ginabayan sila tungo sa liwanag. At sa mga nagtatakwil sa pananampalataya, ang kanilang *Auliya* (kapanalig, kawaksi at tagatangkilik) ay *Taghut* (mga diyus-diyosan, idolo, imahen, mga likhang bagay na sinasamba, atbp.); (at) silang mga *Taghut* ang naghantong (naglabas) sa kanila mula sa liwanag tungo sa kadiliman. Sila (na hindi nananampalataya) ang mananahan sa Apoy magpakailanman.

أَلَمْ تَرَ إِلَى ٱلَّذِى حَآجَّ إِبْرَٰهِـۧمَ فِى رَبِّهِۦٓ أَنْ ءَاتَىٰهُ ٱللَّهُ ٱلْمُلْكَ إِذْ قَالَ إِبْرَٰهِـۧمُ رَبِّىَ ٱلَّذِى يُحْىِۦ وَيُمِيتُ قَالَ أَنَا۠ أُحْىِۦ وَأُمِيتُ ۖ قَالَ إِبْرَٰهِـۧمُ فَإِنَّ ٱللَّهَ يَأْتِى بِٱلشَّمْسِ مِنَ ٱلْمَشْرِقِ فَأْتِ بِهَا مِنَ ٱلْمَغْرِبِ فَبُهِتَ ٱلَّذِى كَفَرَ ۗ وَٱللَّهُ لَا يَهْدِى

258. Mayroon ka na bang nakita (O Muhammad) na higit na kataka-taka sa taong nakikipagtalo kay Abraham tungkol sa (Kaisahan) ng kanyang Panginoon (Allah), sapagkat si Allah ay nagkaloob sa kanya ng kaharian (kaya siya ay nagpalalo at nagmataas)? Nang (itanong niya kay Abraham kung sino ang kanyang Panginoon), si Abraham ay nagsabi (sa kanya na nakikipagtalo): "Ang aking Panginoon

(Allah) ay Siyang nagkakaloob ng buhay at naggagawad ng kamatayan.'' Siya (na nakikipagtalo) ay nagsabi: "Ako (rin) ay magkakaloob ng buhay at maggagawad ng kamatayan.'' Si Abraham ay nagsabi: "Katotohanan! Si Allah ang nagpapasikat ng araw mula sa silangan; ikaw baga ang nakakapangyari na mapasikat ito mula sa kanluran?" Kaya't siya (na nakikipagtalo) na walang pananampalataya ay napatigagal (natigilan). At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na *Zalim* (mga tampalasan, mapaggawa ng kamalian, buktot, atbp.).

الْقَوْمَ الظَّالِمِينَ ﴿٢٥٨﴾

259. O katulad siya (bilang paghahambing) na napadako sa isang bayan na ganap na nasalanta. Siya ay nagsabi: "Oh! Papaano kayang maibabalik ito ni Allah sa pagkabuhay matapos na ito ay mamatay?" Kaya't pinapangyari ni Allah na mamatay siya ng isang daang taon, at siya ay (muling) ibinangon. Siya (Allah) ay nagwika: "Gaano katagal na nanatili ka (na walang buhay)?" Siya (ang tao) ay nagsabi: "(Marahil) ako ay nanatiling (walang buhay) ng isang araw o bahagi ng isang araw." Siya (Allah) ay nagwika: "Hindi, ikaw ay nanatili (na walang buhay) sa loob ng isang daang taon, at tingnan mo ang iyong pagkain at inumin, ito ay hindi kakikitaan ng pagbabago; at tingnan mo ang iyong asno (patay na kalansay na lamang)! At sa ganitong (paraan), ikaw ay ginawa Namin na isang Tanda sa mga tao. Pagmasdan mo ang mga buto (ng asno), kung paano Namin ito bubuuin (bubuhayin) at babalutan ng laman (alalaong baga, sa sandaling yaon ay pinapangyari ni Allah na mabuhay ang asno)." At nang ito ay maliwanag na nalantad sa kanya, siya ay nagsabi: "Batid ko na (ngayon) na si Allah ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay."

أَوْ كَالَّذِي مَرَّ عَلَىٰ قَرْيَةٍ وَهِيَ خَاوِيَةٌ عَلَىٰ عُرُوشِهَا قَالَ أَنَّىٰ يُحْيِي هَٰذِهِ اللَّهُ بَعْدَ مَوْتِهَا ۖ فَأَمَاتَهُ اللَّهُ مِائَةَ عَامٍ ثُمَّ بَعَثَهُ ۖ قَالَ كَمْ لَبِثْتَ ۖ قَالَ لَبِثْتُ يَوْمًا أَوْ بَعْضَ يَوْمٍ ۖ قَالَ بَل لَّبِثْتَ مِائَةَ عَامٍ فَانظُرْ إِلَىٰ طَعَامِكَ وَشَرَابِكَ لَمْ يَتَسَنَّهْ ۖ وَانظُرْ إِلَىٰ حِمَارِكَ وَلِنَجْعَلَكَ آيَةً لِّلنَّاسِ ۖ وَانظُرْ إِلَى الْعِظَامِ كَيْفَ نُنشِزُهَا ثُمَّ نَكْسُوهَا لَحْمًا ۚ فَلَمَّا تَبَيَّنَ لَهُ قَالَ أَعْلَمُ أَنَّ اللَّهَ عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ ﴿٢٥٩﴾

260. (Pagmasdan!) At nang si Abraham ay nagsabi: "Aking Panginoon, ipamalas Ninyo sa akin kung paano Kayo nagbibigay ng buhay sa patay." Siya (Allah) ay nagwika: "Hindi ka ba naniniwala?'' Siya (Abraham) ay nagsabi:

وَإِذْ قَالَ إِبْرَاهِيمُ رَبِّ أَرِنِي كَيْفَ تُحْيِي الْمَوْتَىٰ ۖ قَالَ أَوَلَمْ تُؤْمِن ۖ قَالَ بَلَىٰ وَلَٰكِن لِّيَطْمَئِنَّ قَلْبِي ۖ قَالَ فَخُذْ أَرْبَعَةً مِّنَ الطَّيْرِ

"Tunay, (ako ay nananalig), nguni't upang maging malakas ang (aking) pananalig." Siya (Allah) ay nagwika: "Ikaw ay kumuha ng apat na ibon, talian mo sila (at katayin at hatiin mo sila sa maraming piraso), at iyong ilagay ang bawat piraso sa bawat burol, at pagkaraan sila ay iyong tawagin, sila ay magmamadali na paparoon sa iyo". At iyong maalaman na si Allah ang Pinakamakapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

فَصُرْهُنَّ إِلَيْكَ ثُمَّ اجْعَلْ عَلَىٰ كُلِّ جَبَلٍ مِّنْهُنَّ جُزْءًا ثُمَّ ادْعُهُنَّ يَأْتِينَكَ سَعْيًا ۚ وَاعْلَمْ أَنَّ اللَّهَ عَزِيزٌ حَكِيمٌ ﴿٢٦٠﴾

261. Ang nakakatulad nila na gumugugol ng kanilang kayamanan sa Landas (Kapakanan) ni Allah ay katulad ng isang butil (ng mais); ito ay tumubo (at lumaki) ng pitong busal, at ang bawat busal ay may isang daang butil. At si Allah ang nagpaparami (ng Kanyang mga biyaya) sa sinumang Kanyang maibigan, at si Allah ay Puspos ng Panustos (walang hanggan ang Kanyang habag) sa pangangailangan ng Kanyang mga nilikha, ang Ganap na Maalam.

مَّثَلُ الَّذِينَ يُنفِقُونَ أَمْوَالَهُمْ فِي سَبِيلِ اللَّهِ كَمَثَلِ حَبَّةٍ أَنبَتَتْ سَبْعَ سَنَابِلَ فِي كُلِّ سُنۢبُلَةٍ مِّائَةُ حَبَّةٍ ۗ وَاللَّهُ يُضَاعِفُ لِمَن يَشَاءُ ۗ وَاللَّهُ وَاسِعٌ عَلِيمٌ ﴿٢٦١﴾

262. Ang mga gumugugol ng kanilang kayamanan sa Landas (Kapakanan) ni Allah, at hindi naghihintay ng kasunod na ang kanilang bigay ay marapat na alalahanin (alalaong baga, bigyan ng pagpapahalaga o tanawing isang utang na loob bilang tanda ng kanilang pagiging mapagbigay); maging ang pagpaparinggan (alalaong baga, ipapamalita sa paraang masakit sa tainga, na sila ay nagbigay na maaaring ikapahiya ng tumanggap at magdulot sa kanya ng kasahulan), ang kanilang magiging ganti ay nasa kanilang Panginoon. At sila ay walang dapat pangambahan, at hindi (sila) magkakaroon ng kalumbayan.

الَّذِينَ يُنفِقُونَ أَمْوَالَهُمْ فِي سَبِيلِ اللَّهِ ثُمَّ لَا يُتْبِعُونَ مَا أَنفَقُوا مَنًّا وَلَا أَذًى ۙ لَّهُمْ أَجْرُهُمْ عِندَ رَبِّهِمْ وَلَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ﴿٢٦٢﴾

263. Ang mabuting salita at pagpapaumanhin (sa pulubi, o ang pagtatakip sa mga kamalian) ay higit na mainam sa kawanggawa na sinusundan ng pagpaparinggan (alalaong baga, nagpapatanaw ng utang na loob sa tumanggap). Si Allah ay Masagana (hindi nangangailangan ng anuman) at Siya ang Pinakamapagpaumanhin.

قَوْلٌ مَّعْرُوفٌ وَمَغْفِرَةٌ خَيْرٌ مِّن صَدَقَةٍ يَتْبَعُهَا أَذًى ۗ وَاللَّهُ غَنِيٌّ حَلِيمٌ ﴿٢٦٣﴾

264. O kayong nagsisisampalataya! Huwag

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا لَا تُبْطِلُوا صَدَقَاتِكُم

ninyong bayaan na mawalang-saysay ang inyong kawanggawa sa pamamagitan ng pagpapatanaw ng utang na loob sa tumanggap at pagpaparinggan (pagpapaala-ala na masakit sa tainga, sa inyong pagiging mapagbigay na magdudulot sa kanila ng kasahulan), na (maging) katulad niya na gumugugol ng kanyang kayamanan bilang pagpapakitang-tao, at siya ay hindi nananampalataya kay Allah, gayundin sa Huling Araw. Ang kanyang kawangki ay katulad ng isang makinis na bato na rito ay may bahagyang alikabok; ngunit, dito ay bumuhos ang malakas na ulan at naiwan ito na linis na linis (hubad na kawanggawa; alalaong baga, ang taong nagkakawanggawa nang pakitang-tao lamang ay walang saysay sa paningin ni Allah). Sila ay hindi magtatamo ng anumang gantimpala sa anuman na kanilang ginugol. At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga nagtatakwil sa pananampalataya.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تُبْطِلُوا۟ صَدَقَٰتِكُم بِٱلْمَنِّ وَٱلْأَذَىٰ كَٱلَّذِى يُنفِقُ مَالَهُۥ رِئَآءَ ٱلنَّاسِ وَلَا يُؤْمِنُ بِٱللَّهِ وَٱلْيَوْمِ ٱلْءَاخِرِ ۖ فَمَثَلُهُۥ كَمَثَلِ صَفْوَانٍ عَلَيْهِ تُرَابٌ فَأَصَابَهُۥ وَابِلٌ فَتَرَكَهُۥ صَلْدًا ۖ لَّا يَقْدِرُونَ عَلَىٰ شَىْءٍ مِّمَّا كَسَبُوا۟ ۗ وَٱللَّهُ لَا يَهْدِى ٱلْقَوْمَ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٢٦٤﴾

265. At ang nakakahalintulad ng mga gumugugol ng kanilang kayamanan na naghahangad ng kasiyahan ni Allah at ng katatagan ng pananampalataya sa kanilang sarili (kaluluwa) ay tulad ng isang halamanan sa ibabaw ng burol (na malago at malusog); ang malakas na ulan ay bumuhos dito at ito ay nagbunga ng higit na maraming ani, datapuwa't kung ito man ay hindi tumanggap ng malakas na ulan, ang hamog (kaunting pagkabasa) nito ay sapat na. Si Allah ang Ganap na Nakamamasid sa anumang inyong ginagawa.

وَمَثَلُ ٱلَّذِينَ يُنفِقُونَ أَمْوَٰلَهُمُ ٱبْتِغَآءَ مَرْضَاتِ ٱللَّهِ وَتَثْبِيتًا مِّنْ أَنفُسِهِمْ كَمَثَلِ جَنَّةٍۭ بِرَبْوَةٍ أَصَابَهَا وَابِلٌ فَـَٔاتَتْ أُكُلَهَا ضِعْفَيْنِ فَإِن لَّمْ يُصِبْهَا وَابِلٌ فَطَلٌّ ۗ وَٱللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ بَصِيرٌ ﴿٢٦٥﴾

266. Mayroon ba sa inyo ang maghahangad na magkaroon ng halamanan na sagana sa mga palmera (datiles) at ubasan (bagingan, mga gumagapang na halaman), na may mga ilog na nagsisidaloy sa ilalim nito, at ang lahat ng uri ng mga bungangkahoy para sa kanya ay naririto; at (habang) siya ay sumasapit na sa katandaan at ang kanyang mga anak ay mahina na (at hindi makapangalaga sa kanilang sarili), (at nangyari) na ang isang ipu-ipo na may apoy ay humaplit sa halamanan, at ito ay nasilaban? Kaya't sa

أَيَوَدُّ أَحَدُكُمْ أَن تَكُونَ لَهُۥ جَنَّةٌ مِّن نَّخِيلٍ وَأَعْنَابٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ لَهُۥ فِيهَا مِن كُلِّ ٱلثَّمَرَٰتِ وَأَصَابَهُ ٱلْكِبَرُ وَلَهُۥ ذُرِّيَّةٌ ضُعَفَآءُ فَأَصَابَهَآ إِعْصَارٌ فِيهِ نَارٌ فَٱحْتَرَقَتْ ۗ كَذَٰلِكَ يُبَيِّنُ ٱللَّهُ لَكُمُ ٱلْءَايَٰتِ لَعَلَّكُمْ تَتَفَكَّرُونَ ﴿٢٦٦﴾

ganito ipinapaliwanag ni Allah (na maging maliwanag) ang Kanyang *Ayat* (mga tanda, aral, kapahayagan, katibayan, atbp.) sa inyo upang kayo ay magkaroon ng pagdidili-dili.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ أَنفِقُوا۟ مِن طَيِّبَٰتِ مَا كَسَبْتُمْ وَمِمَّآ أَخْرَجْنَا لَكُم مِّنَ ٱلْأَرْضِ ۖ وَلَا تَيَمَّمُوا۟ ٱلْخَبِيثَ مِنْهُ تُنفِقُونَ وَلَسْتُم بِـَٔاخِذِيهِ إِلَّآ أَن تُغْمِضُوا۟ فِيهِ ۚ وَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ غَنِىٌّ حَمِيدٌ ﴿٢٦٧﴾

267. O kayong nagsisisampalataya! Magsipagbigay kayo ng mabubuting bagay na inyong kinita (nang malinis), at ng mga bungang-halaman (at mga pag-aani) mula sa kalupaan na Aming pinatubo sa inyo, at huwag gumugol sa kawanggawa mula sa (anumang) masama; ngunit, maging (kayo) sa inyong sarili ay hindi tatanggap (kung ito ay ibibigay sa inyo) maliban na lamang kung nakapikit ang inyong mga mata. At inyong maalaman na si Allah ay Masagana (hindi nangangailangan ng anuman), ang Karapat-dapat sa lahat ng mga papuri.

ٱلشَّيْطَٰنُ يَعِدُكُمُ ٱلْفَقْرَ وَيَأْمُرُكُم بِٱلْفَحْشَآءِ ۖ وَٱللَّهُ يَعِدُكُم مَّغْفِرَةً مِّنْهُ وَفَضْلًا ۗ وَٱللَّهُ وَٰسِعٌ عَلِيمٌ ﴿٢٦٨﴾

268. Si Satanas ay nananakot sa inyo ng karalitaan (kapag kayo ay nagbigay ng kawanggawa) at nag-uudyok sa inyo (na gumawa) ng kasalanan (tulad ng karamutan); datapuwa't si Allah ay nangangako sa inyo ng pagpapatawad mula sa Kanya (kung magbibigay kayo ng kawanggawa) at ng kasaganaan; at si Allah ay may Sapat na Panustos sa pangangailangan ng Kanyang mga nilikha, ang may Ganap na Kaalaman.

يُؤْتِى ٱلْحِكْمَةَ مَن يَشَآءُ ۚ وَمَن يُؤْتَ ٱلْحِكْمَةَ فَقَدْ أُوتِىَ خَيْرًا كَثِيرًا ۗ وَمَا يَذَّكَّرُ إِلَّآ أُو۟لُوا۟ ٱلْأَلْبَٰبِ ﴿٢٦٩﴾

269. Siya ang nagkakaloob ng karunungan sa sinumang Kanyang maibigan; at siya na pinagkalooban (Niya) ng karunungan ay tunay namang nakatanggap ng kapakinabangan na nag-uumapaw; datapuwa't walang sinuman ang tatanggap ng paala-ala maliban sa mga tao na may pang-unawa.

وَمَآ أَنفَقْتُم مِّن نَّفَقَةٍ أَوْ نَذَرْتُم مِّن نَّذْرٍ فَإِنَّ ٱللَّهَ يَعْلَمُهُۥ ۗ وَمَا لِلظَّٰلِمِينَ مِنْ أَنصَارٍ ﴿٢٧٠﴾

270. At anuman ang inyong gugulin sa kawanggawa o anumang pangako ang inyong ginawa, katiyakang si Allah ay nakababatid nito. At ang mga mapaggawa ng kamalian (*Zalimun*, mga tampalasan, buktot, atbp.), sa kanila ay walang makatutulong (sa Kabilang Buhay).

إِن تُبْدُوا۟ ٱلصَّدَقَٰتِ فَنِعِمَّا هِىَ ۖ وَإِن تُخْفُوهَا وَتُؤْتُوهَا ٱلْفُقَرَآءَ فَهُوَ خَيْرٌ

271. Kung inyong ipamalas ang inyong kawanggawa (sa kasiyahan ni Allah), ito ay kasiya-siya, datapuwa't kung ito ay inyong

ilingid at ilimos ito sa mga mahihirap, ito ay higit na mainam sa inyo (dahil malaya ito sa pagkukunwari). At si Allah ay magpapatawad sa inyong mga kasalanan (dahilan sa inyong pagbibigay ng kawanggawa para sa Kanya). At si Allah ang Ganap na Nakatatalos ng anumang inyong ginagawa.

لَكُمْ ۚ وَيُكَفِّرُ عَنكُم مِّن سَيِّـَٔاتِكُمْ ۗ وَٱللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ خَبِيرٌ ﴿٢٧١﴾

272. Hindi katungkulan sa iyo (O Muhammad) ang kanilang patnubay, datapuwa't si Allah ang namamatnubay sa sinumang Kanyang mapusuan. At anumang mabuting kawanggawa ang inyong ibibigay, ang kapakinabangan (gantimpala nito) ay sa inyong sarili (kaluluwa), at kayong nananampalataya ay hindi magbibigay (ng kawanggawa) maliban na kayo ay naghahanap ng kasiyahan ni Allah (alalaong baga, ang pakikipagtipan sa Kanya). At anumang mabuting kawanggawa ang inyong ibibigay, kayo ay bibigyan ng ganap na gantimpala para rito, at kayo ay hindi gagawaran ng kawalang-katarungan.

۞ لَّيْسَ عَلَيْكَ هُدَىٰهُمْ وَلَٰكِنَّ ٱللَّهَ يَهْدِى مَن يَشَآءُ ۗ وَمَا تُنفِقُوا۟ مِنْ خَيْرٍ فَلِأَنفُسِكُمْ ۚ وَمَا تُنفِقُونَ إِلَّا ٱبْتِغَآءَ وَجْهِ ٱللَّهِ ۚ وَمَا تُنفِقُوا۟ مِنْ خَيْرٍ يُوَفَّ إِلَيْكُمْ وَأَنتُمْ لَا تُظْلَمُونَ ﴿٢٧٢﴾

273. Ibigay ang inyong kawanggawa sa mga mahihirap (na Muslim), sila na alang-alang sa Kapakanan ni Allah ay napipigilan ng pakikipaglaban (o pakikibaka), at hindi makapaglakbay (makalibot) sa kalupaan upang makapaghanapbuhay (pangangalakal at hanapbuhay). Ang isang hindi nakakakilala sa kanila ay nag-aakala na sila ay hindi nangangailangan (ng tulong o kawanggawa) dahilan sa kanilang kakimian. Sila ay mapagkikilala ninyo sa kanilang mga tanda (alalaong baga, nasa kanilang mukha ang bakas ng kahirapan); sila ay hindi (tandisang) namamalimos sa kaninuman (o sa anumang paraan). At anumang mabuting bagay na inyong ipagkaloob, katotohanang ito ay batid ni Allah.

لِلْفُقَرَآءِ ٱلَّذِينَ أُحْصِرُوا۟ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ لَا يَسْتَطِيعُونَ ضَرْبًا فِى ٱلْأَرْضِ ۖ يَحْسَبُهُمُ ٱلْجَاهِلُ أَغْنِيَآءَ مِنَ ٱلتَّعَفُّفِ ۚ تَعْرِفُهُم بِسِيمَٰهُمْ ۖ لَا يَسْـَٔلُونَ ٱلنَّاسَ إِلْحَافًا ۗ وَمَا تُنفِقُوا۟ مِنْ خَيْرٍ فَإِنَّ ٱللَّهَ بِهِۦ عَلِيمٌ ﴿٢٧٣﴾

274. Ang mga gumugugol (sa kawanggawa) ng kanilang kayamanan (para sa kasiyahan ni Allah) sa gabi at araw, lingid man o hayag ay mayroong pabuya mula sa kanilang Panginoon. Sila ay walang dapat pangambahan, at sila ay hindi magkakaroon ng kalumbayan.

ٱلَّذِينَ يُنفِقُونَ أَمْوَٰلَهُم بِٱلَّيْلِ وَٱلنَّهَارِ سِرًّا وَعَلَانِيَةً فَلَهُمْ أَجْرُهُمْ عِندَ رَبِّهِمْ وَلَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ﴿٢٧٤﴾

275. Ang mga kumakain (nagpapasasa) ng *Riba* (nagpapatubo ng salapi o interes) ay hindi titindig (sa kanilang libingan sa Araw ng Muling Pagkabuhay) maliban (na tulad) nang pagtindig ng isang tao na hinataw ni Satanas, na nagdulot sa kanya ng pagkabaliw. Sapagkat sila ay nagsasabi: "Ang pangangalakal ay tulad din ng *Riba* (pagpapatong ng tubo sa salapi o interes)", datapuwa't si Allah ay nagpahintulot ng pangangalakal at nagbawal ng *Riba* (pagpapatubo sa salapi o interes). Kaya't sinuman ang tumanggap ng paala-ala (babala ng pagbabawal ng *Riba*) mula sa kanyang Panginoon at tumigil sa pagpapasasa sa *Riba* (patubo) ay hindi parurusahan sa anumang nakaraan (dahil sa kawalan ng kaalaman); ang kanyang kahatulan ay nasa kay Allah; datapuwa't kung sinuman ang magbalik (sa hanapbuhay) na may *Riba* (muling magpatubo o kumita ng tubo sa salapi), sila ang magsisipanahan sa Apoy, mananatili sila rito magpakailanman.

ٱلَّذِينَ يَأْكُلُونَ ٱلرِّبَوٰا۟ لَا يَقُومُونَ إِلَّا كَمَا يَقُومُ ٱلَّذِى يَتَخَبَّطُهُ ٱلشَّيْطَٰنُ مِنَ ٱلْمَسِّ ۚ ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ قَالُوٓا۟ إِنَّمَا ٱلْبَيْعُ مِثْلُ ٱلرِّبَوٰا۟ ۗ وَأَحَلَّ ٱللَّهُ ٱلْبَيْعَ وَحَرَّمَ ٱلرِّبَوٰا۟ ۚ فَمَن جَآءَهُۥ مَوْعِظَةٌ مِّن رَّبِّهِۦ فَٱنتَهَىٰ فَلَهُۥ مَا سَلَفَ وَأَمْرُهُۥٓ إِلَى ٱللَّهِ ۖ وَمَنْ عَادَ فَأُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلنَّارِ ۖ هُمْ فِيهَا خَٰلِدُونَ ﴿٢٧٥﴾

276. Si Allah ay hindi magkakaloob ng anumang biyaya sa *Riba* (pagpapatubo ng salapi), datapuwa't magbibigay (Siya) ng higit pang biyaya sa mga gawa ng pagkakawanggawa; si Allah ay hindi nagmamahal sa di-nananampalataya (patuloy na nagpapatubo sa salapi) at makasalanan.

يَمْحَقُ ٱللَّهُ ٱلرِّبَوٰا۟ وَيُرْبِى ٱلصَّدَقَٰتِ ۗ وَٱللَّهُ لَا يُحِبُّ كُلَّ كَفَّارٍ أَثِيمٍ ﴿٢٧٦﴾

277. Ang mga sumasampalataya at gumagawa ng kabutihan, at nagsasagawa ng palagiang pagdarasal nang mahinusay (*Iqamat-us-Salah*) at nagkakaloob ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa), ay mayroong gantimpala mula sa kanilang Panginoon; at sila ay walang dapat pangambahan, at sila ay hindi magkakaroon ng kalumbayan.

إِنَّ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ وَأَقَامُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ وَءَاتَوُا۟ ٱلزَّكَوٰةَ لَهُمْ أَجْرُهُمْ عِندَ رَبِّهِمْ وَلَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ﴿٢٧٧﴾

278. O kayong nagsisisampalataya! Pangambahan ninyo si Allah, at inyong ipagparaya (huwag nang ipabayad) ang anumang natira sa tubo ng inyong pautang (magmula ngayon), kung kayo ay tunay na sumasampalataya.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَذَرُوا۟ مَا بَقِىَ مِنَ ٱلرِّبَوٰٓا۟ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ﴿٢٧٨﴾

فَإِن لَّمْ تَفْعَلُوا۟ فَأْذَنُوا۟ بِحَرْبٍ مِّنَ ٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ ۖ وَإِن تُبْتُمْ فَلَكُمْ رُءُوسُ أَمْوَٰلِكُمْ لَا تَظْلِمُونَ وَلَا تُظْلَمُونَ ﴿٢٧٩﴾

279. At kung ito ay hindi ninyo gagawin, magsipaghanda kayo sa isang (mabubuong) digmaan mula kay Allah at ng Kanyang Tagapagbalita (alalaong baga, ang isang nagpapatubo ng salapi ay nakikipaglaban kay Allah at sa Kanyang Tagapagbalitang si Muhammad), datapuwa't kung kayo ay magbalik-loob kay Allah (magsisi), kunin ninyo ang puhunan (halaga) ng inyong ipinautang. Huwag kayong makitungo ng walang katarungan (sa pamamagitan nang pagbawi ng higit pa sa puhunan), at kayo rin naman ay hindi pakikitunguhan ng kawalang-katarungan (alalaong baga, ang tumanggap ng kulang sa ipinautang).

وَإِن كَانَ ذُو عُسْرَةٍ فَنَظِرَةٌ إِلَىٰ مَيْسَرَةٍ ۚ وَأَن تَصَدَّقُوا۟ خَيْرٌ لَّكُمْ ۖ إِن كُنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿٢٨٠﴾

280. At kung ang nagkakautang ay nasa kagipitan (walang maibabayad), inyong gawaran siya ng palugit hanggang sa maging madali sa kanya ang pagbabayad. Datapuwa't kung ipatawad ninyo ito at ibigay sa kanya bilang kawanggawa, ito ay higit na mainam sa inyo kung inyo lamang nalalaman.

وَٱتَّقُوا۟ يَوْمًا تُرْجَعُونَ فِيهِ إِلَى ٱللَّهِ ۖ ثُمَّ تُوَفَّىٰ كُلُّ نَفْسٍ مَّا كَسَبَتْ وَهُمْ لَا يُظْلَمُونَ ﴿٢٨١﴾

281. At pangambahan ninyo ang Araw na kayo ay magbabalik kay Allah. At (sa gayon), ang bawat kaluluwa (tao) ay gagantimpalaan ng ayon sa kanyang ginawa (rito sa mundo), at sinuman ay hindi pakikitunguhan ng kawalang-katarungan.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِذَا تَدَايَنتُم بِدَيْنٍ إِلَىٰٓ أَجَلٍ مُّسَمًّى فَٱكْتُبُوهُ ۚ وَلْيَكْتُب بَّيْنَكُمْ كَاتِبٌۢ بِٱلْعَدْلِ ۚ وَلَا يَأْبَ كَاتِبٌ أَن يَكْتُبَ كَمَا عَلَّمَهُ ٱللَّهُ ۚ فَلْيَكْتُبْ وَلْيُمْلِلِ ٱلَّذِى عَلَيْهِ ٱلْحَقُّ وَلْيَتَّقِ ٱللَّهَ رَبَّهُۥ وَلَا يَبْخَسْ مِنْهُ شَيْـًٔا ۚ فَإِن كَانَ ٱلَّذِى عَلَيْهِ ٱلْحَقُّ سَفِيهًا أَوْ ضَعِيفًا أَوْ لَا يَسْتَطِيعُ أَن يُمِلَّ هُوَ فَلْيُمْلِلْ وَلِيُّهُۥ بِٱلْعَدْلِ ۚ وَٱسْتَشْهِدُوا۟ شَهِيدَيْنِ مِن رِّجَالِكُمْ ۖ فَإِن لَّمْ يَكُونَا رَجُلَيْنِ فَرَجُلٌ وَٱمْرَأَتَانِ مِمَّن تَرْضَوْنَ مِنَ ٱلشُّهَدَآءِ أَن تَضِلَّ إِحْدَىٰهُمَا فَتُذَكِّرَ إِحْدَىٰهُمَا

282. O kayong nagsisisampalataya! Kung kayo ay nangutang na may takdang panahon ang pagbabayad nito (alalaong baga, nakipagkasundo sa bawat isa sa mga pakikipagkalakalan na tumutukoy sa panghinaharap na obligasyon sa isang natataningang panahon), ilagay ninyo ito sa kasulatan. Hayaan ang isang tagasulat ay magtala (sumulat) nito nang makatarungan (sa pinagkasunduan) ng magkabilang panig; at huwag (hayaan) na ang tagasulat ay tumanggi na magsulat sa paraan na ipinag-utos ni Allah sa kanya; kaya't hayaan siya na magsulat, at hayaan ang may pagkakautang (na siya) ang magdikta at dapat niyang pangambahan si Allah na kanyang Panginoon at huwag niyang bawasan ang anumang kanyang nautang. Kung ang panig na may pananagutan (may utang) ay hangal (makitid ang isip), o mahina (bata o matanda), o hindi niya kaya

ٱلْأُخْرَىٰ ۚ وَلَا يَأْبَ ٱلشُّهَدَآءُ إِذَا مَا دُعُوا۟ ۚ وَلَا
تَسْـَٔمُوٓا۟ أَن تَكْتُبُوهُ صَغِيرًا أَوْ كَبِيرًا إِلَىٰٓ
أَجَلِهِۦ ۚ ذَٰلِكُمْ أَقْسَطُ عِندَ ٱللَّهِ وَأَقْوَمُ
لِلشَّهَـٰدَةِ وَأَدْنَىٰٓ أَلَّا تَرْتَابُوٓا۟ إِلَّآ أَن تَكُونَ
تِجَـٰرَةً حَاضِرَةً تُدِيرُونَهَا بَيْنَكُمْ فَلَيْسَ
عَلَيْكُمْ جُنَاحٌ أَلَّا تَكْتُبُوهَا ۗ وَأَشْهِدُوٓا۟ إِذَا
تَبَايَعْتُمْ ۚ وَلَا يُضَآرَّ كَاتِبٌ وَلَا شَهِيدٌ ۚ
وَإِن تَفْعَلُوا۟ فَإِنَّهُۥ فُسُوقٌۢ بِكُمْ ۚ وَٱتَّقُوا۟
ٱللَّهَ ۖ وَيُعَلِّمُكُمُ ٱللَّهُ ۗ وَٱللَّهُ بِكُلِّ شَىْءٍ
عَلِيمٌ ﴿٢٨٢﴾

ang magdikta, hayaan ang kanyang tagapangalaga ang magdikta nang makatarungan. At kayo ay kumuha ng dalawang saksi mula sa inyong kalalakihan. At kung wala ng dalawang lalaki, kung gayon ay isang lalaki at dalawang babae na inyong mapili bilang mga saksi, upang kung ang isa sa kanila (babae) ay malitang, ang isa ay makapagpapaala-ala sa kanya. Ang mga saksi ay hindi marapat na tumanggi kung sila ay tawagin (upang magbigay ng patibay). At huwag hayaan na maging tamad na isulat (ang inyong kasunduan) sa nakatakdang panahon, kahima't ito ay maliit o malaki; ito ay higit na makatarungan sa Paningin ni Allah, at higit na akmang katibayan, at higit na maginhawa upang maiwasan ang pag-aalinlangan (sa anumang kasunduan sa pagitan nila), maliban na lamang kung ito ay isang pakikipagkalakalan na ngayo't ngayon din na pinagkasunduan sa pagitan ninyo (alalaong baga ay hora-horada, narito ang kalakal ko, tinanggap ko ang bayad mo), kung gayon, ito ay hindi isang kasalanan sa inyo kung ito ay hindi ninyo naisulat. Datapuwa't kayo ay laging kumuha ng mga saksi sa anumang oras na kayo ay gumawa ng kasunduan sa pakikipagkalakalan. At huwag hayaan ang sinuman sa sumusulat at sumasaksi na ito ay magdulot sa kanya ng kapinsalaan (alalaong baga, bigyan sila ng hindi marapat na kapanagutan o panagutin sila kung anuman ang mangyari). Kung kayo ay gumawa (ng gayong kapinsalaan), ito ay isang kabuktutan mula sa inyo. At inyong pangambahan si Allah sapagkat si Allah ang magtuturo sa inyo. At si Allah ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ng bagay.

۞ وَإِن كُنتُمْ عَلَىٰ سَفَرٍ وَلَمْ تَجِدُوا۟ كَاتِبًا
فَرِهَـٰنٌ مَّقْبُوضَةٌ ۖ فَإِنْ أَمِنَ بَعْضُكُم بَعْضًا
فَلْيُؤَدِّ ٱلَّذِى ٱؤْتُمِنَ أَمَـٰنَتَهُۥ وَلْيَتَّقِ ٱللَّهَ رَبَّهُۥ ۗ
وَلَا تَكْتُمُوا۟ ٱلشَّهَـٰدَةَ ۚ وَمَن يَكْتُمْهَا
فَإِنَّهُۥٓ ءَاثِمٌ قَلْبُهُۥ ۗ وَٱللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ
عَلِيمٌ ﴿٢٨٣﴾

283. At kung kayo ay naglalakbay at hindi makatagpo ng tagasulat, kung gayon, hayaan na ang isang sanla ay kunin. Datapuwa't kung kayo ay nagtitiwala sa isa't isa, hayaan siya na pinagkatiwalaan ay magpahalaga (ng may katapatan) sa ipinagkatiwala sa kanya, at marapat niyang pangambahan si Allah, ang kanyang Panginoon. Huwag maglingid ng katibayan sapagkat kung sinuman ang maglingid nito, ang kanyang puso ay nabahiran ng

kasalanan. At si Allah ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ninyong ginagawa.

لِلَّهِ مَا فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِي ٱلْأَرْضِ ۗ وَإِن تُبْدُوا۟ مَا فِىٓ أَنفُسِكُمْ أَوْ تُخْفُوهُ يُحَاسِبْكُم بِهِ ٱللَّهُ ۖ فَيَغْفِرُ لِمَن يَشَآءُ وَيُعَذِّبُ مَن يَشَآءُ ۗ وَٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿٢٨٤﴾

284. Si Allah ang nag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at kalupaan. Kahima't inyong ilantad ang nasa inyong sarili (isipan) o ikubli ito (ay nababatid ni Allah), si Allah ay magsusulit sa inyo tungkol dito. Siya ang nagpapatawad sa sinumang Kanyang maibigan at nagpaparusa sa sinumang Kanyang maibigan. Sapagkat si Allah ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

ءَامَنَ ٱلرَّسُولُ بِمَآ أُنزِلَ إِلَيْهِ مِن رَّبِّهِۦ وَٱلْمُؤْمِنُونَ ۚ كُلٌّ ءَامَنَ بِٱللَّهِ وَمَلَٰٓئِكَتِهِۦ وَكُتُبِهِۦ وَرُسُلِهِۦ لَا نُفَرِّقُ بَيْنَ أَحَدٍ مِّن رُّسُلِهِۦ ۚ وَقَالُوا۟ سَمِعْنَا وَأَطَعْنَا ۖ غُفْرَانَكَ رَبَّنَا وَإِلَيْكَ ٱلْمَصِيرُ ﴿٢٨٥﴾

285. Ang Tagapagbalita (Muhammad) at ang mga sumasampalataya ay nananampalataya sa anumang ipinahayag sa kanya mula sa kanyang Panginoon. Ang bawat isa ay nananampalataya kay Allah, sa Kanyang mga anghel, sa Kanyang mga Kasulatan, at sa Kanyang mga Tagapagbalita (Sugo). (Sila ay nagsabi): "Kami ay hindi nagtuturing sa sinuman sa Kanyang mga Tagapagbalita ng pagtatangi-tangi", at sila ay nagsabi: "Kami ay nakinig at kami ay tumalima". O aming Panginoon, patawarin Ninyo kami, at sa Inyo, kami ay magbabalik.

لَا يُكَلِّفُ ٱللَّهُ نَفْسًا إِلَّا وُسْعَهَا ۚ لَهَا مَا كَسَبَتْ وَعَلَيْهَا مَا ٱكْتَسَبَتْ ۗ رَبَّنَا لَا تُؤَاخِذْنَآ إِن نَّسِينَآ أَوْ أَخْطَأْنَا ۚ رَبَّنَا وَلَا تَحْمِلْ عَلَيْنَآ إِصْرًا كَمَا حَمَلْتَهُۥ عَلَى ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِنَا ۚ رَبَّنَا وَلَا تُحَمِّلْنَا مَا لَا طَاقَةَ لَنَا بِهِۦ ۖ وَٱعْفُ عَنَّا وَٱغْفِرْ لَنَا وَٱرْحَمْنَآ ۚ أَنتَ مَوْلَىٰنَا فَٱنصُرْنَا عَلَى ٱلْقَوْمِ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٢٨٦﴾

286. Walang sinumang kaluluwa ang binigyan ni Allah ng pasanin na hindi niya kayang dalhin. Ito ay magtatamasa ng bawat kabutihan na kanyang nagawa at magdurusa rin naman sa bawat masama na kanyang nagawa. (Magsipanalangin): "O aming Panginoon! Kami ay huwag Ninyong parusahan kung kami ay nakalimot o nasadlak sa kamalian, aming Panginoon! Huwag Ninyong ipapasan sa amin ang pabigat na Inyong iniatang sa mga nangauna sa amin (mga Hudyo at Kristiyano); aming Panginoon! Huwag Ninyong iatang sa amin ang pabigat na higit sa aming makakaya. Patawarin Ninyo kami at pagkalooban kami ng pagpapatawad. Kami ay Inyong kahabagan. Kayo ang aming *Maula* (Tagapangalaga, Tagapagbantay, Tagapagtaguyod); kami ay gawaran Ninyo ng tagumpay laban (sa mga tao) na hindi sumasampalataya.

Surah 3

Surat Al-Imran
(Ang Pamilya ni Imran)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Alif, Lam, Mim (mga titik A, La, Ma; ito ay mga titik sa wikang Arabik na tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

الٓمٓ ﴿١﴾

2. *Allah! La ilaha illa Huwa* (Si Allah. Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), ang may Walang Hanggang Buhay, ang Tanging Isa na nagtataguyod at nangangalaga sa lahat ng mga nilalang.

ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ٱلْحَىُّ ٱلْقَيُّومُ ﴿٢﴾

3. Siya (Allah) ang nagpapanaog ng Aklat (ang Qur'an) sa iyo (O Muhammad) ng may katotohanan, na nagpapatotoo sa mga ipinahayag noong pang una. At Siya ang nagpapanaog ng *Taurat* (*Torah* [mga Batas]) at ng *Injil* (Ebanghelyo) –

نَزَّلَ عَلَيْكَ ٱلْكِتَٰبَ بِٱلْحَقِّ مُصَدِّقًا لِّمَا بَيْنَ يَدَيْهِ ۖ وَأَنزَلَ ٱلتَّوْرَىٰةَ وَٱلْإِنجِيلَ ﴿٣﴾

4. Noong pang una, bilang patnubay sa sangkatauhan, at ipinanaog Niya ang Pamantayan (ng paghatol sa pagitan ng matuwid at mali, ang Qur'an). Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya sa *Ayat* (mga aral, katibayan, kapahayagan, tanda, atbp.) ni Allah, sa kanila ay mayroong isang kasakit-sakit na kaparusahan; at si Allah ay Sukdol sa Kapangyarihan, ang Ganap na Nakapangyayari sa Pagpaparusa.

مِن قَبْلُ هُدًى لِّلنَّاسِ ۖ وَأَنزَلَ ٱلْفُرْقَانَ ۗ إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ لَهُمْ عَذَابٌ شَدِيدٌ ۗ وَٱللَّهُ عَزِيزٌ ذُو ٱنتِقَامٍ ﴿٤﴾

5. Katotohanan! Walang nalilingid kay Allah maging sa kalupaan at sa mga kalangitan.

إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَخْفَىٰ عَلَيْهِ شَىْءٌ فِى ٱلْأَرْضِ وَلَا فِى ٱلسَّمَآءِ ﴿٥﴾

6. Siya ang humubog sa inyo sa sinapupunan

هُوَ ٱلَّذِى يُصَوِّرُكُمْ فِى ٱلْأَرْحَامِ كَيْفَ

(ng ina) sa Kanyang maibigan. *La ilaha illa Huwa* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

يَشَآءُ ۚ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٦﴾

7. Siya ang nagpapanaog sa iyo (O Muhammad) ng Aklat (ang Qur'an). Dito ay may mga Talata na *Muhkamat* (ganap na maliwanag); ito ang mga pangunahing haligi ng Aklat (ito ang mga talata ng *Al Ahkam* [mga Kautusan], *Al Fara'id* [mga katungkulang gawain], at *Al Hudud* [mga legal na batas para sa kaparusahan ng mga magnanakaw, mapangalunya]), at ng mga iba pa na *Mutashabihat* (hindi lubhang maliwanag). Kaya't sa mga iba, na sa kanilang puso ay mayroong pagkalihis (sa katotohanan), sila ay sumusunod sa *Mutashabihat* (mga talata na hindi lubhang maliwanag ang kahulugan), na naghahangad ng *Al-Fitnah* (pagsamba sa diyus-diyosan, mga pagsubok), at naghahanap sa kanyang mga nalilingid na kahulugan, datapuwa't walang sinuman ang nakababatid ng mga ito *(Mutashabihat)* maliban kay Allah. Ang mga matatatag sa pananangan sa karunungan ay nagsasabi: "Kami ay sumasampalataya rito; sa kabuuan nito (sa maliwanag at hindi maliwanag na mga Talata), na (ito) ay nagmula sa aming Panginoon.'' At walang sinuman ang nakakatanggap ng paala-ala maliban sa mga tao na may pang-unawa.

هُوَ ٱلَّذِىٓ أَنزَلَ عَلَيْكَ ٱلْكِتَٰبَ مِنْهُ ءَايَٰتٌ مُّحْكَمَٰتٌ هُنَّ أُمُّ ٱلْكِتَٰبِ وَأُخَرُ مُتَشَٰبِهَٰتٌ ۖ فَأَمَّا ٱلَّذِينَ فِى قُلُوبِهِمْ زَيْغٌ فَيَتَّبِعُونَ مَا تَشَٰبَهَ مِنْهُ ٱبْتِغَآءَ ٱلْفِتْنَةِ وَٱبْتِغَآءَ تَأْوِيلِهِۦ ۗ وَمَا يَعْلَمُ تَأْوِيلَهُۥٓ إِلَّا ٱللَّهُ ۘ وَٱلرَّٰسِخُونَ فِى ٱلْعِلْمِ يَقُولُونَ ءَامَنَّا بِهِۦ ۖ كُلٌّ مِّنْ عِندِ رَبِّنَا ۗ وَمَا يَذَّكَّرُ إِلَّآ أُو۟لُوا۟ ٱلْأَلْبَٰبِ ﴿٧﴾

8. (Sila ay nagsasabi): "O Aming Panginoon! Huwag (Ninyong) hayaan na ang aming puso ay lumihis (sa katotohanan) matapos na kami ay Inyong patnubayan, at kami ay gawaran Ninyo ng habag mula sa Inyo; katotohanang Kayo ang Tagapagkaloob."

رَبَّنَا لَا تُزِغْ قُلُوبَنَا بَعْدَ إِذْ هَدَيْتَنَا وَهَبْ لَنَا مِن لَّدُنكَ رَحْمَةً ۚ إِنَّكَ أَنتَ ٱلْوَهَّابُ ﴿٨﴾

9. "Aming Panginoon! Katotohanang Kayo ang magtitipon sa sangkatauhan nang sama-sama sa Araw na walang alinlangan. Katotohanang si Allah ay hindi kailanman sumisira sa Kanyang pangako."

رَبَّنَآ إِنَّكَ جَامِعُ ٱلنَّاسِ لِيَوْمٍ لَّا رَيْبَ فِيهِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يُخْلِفُ ٱلْمِيعَادَ ﴿٩﴾

10. Katotohanan, sa mga hindi

إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لَن تُغْنِىَ عَنْهُمْ

sumasampalataya, ang kanilang mga ari-arian, gayundin ang kanilang mga anak ay hindi makakatulong sa kanila sa anumang paraan laban kay Allah; at sila ang magiging panggatong sa Apoy (Impiyerno).

أَمْوَٰلُهُمْ وَلَآ أَوْلَٰدُهُم مِّنَ ٱللَّهِ شَيْـًٔا ۖ وَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمْ وَقُودُ ٱلنَّارِ ﴿١٠﴾

11. (Ang kanilang pag-uugali) ay katulad ng mga tao ni Paraon at ng mga nangauna sa kanila; sila ay nagpasinungaling sa Aming *Ayat* (mga aral, tanda, katibayan, kapahayagan, atbp.), kaya't sinakmal (winasak) sila ni Allah dahil sa kanilang kasamaan. At si Allah ay Mahigpit sa pagpaparusa.

كَدَأْبِ ءَالِ فِرْعَوْنَ وَٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ ۚ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا فَأَخَذَهُمُ ٱللَّهُ بِذُنُوبِهِمْ ۗ وَٱللَّهُ شَدِيدُ ٱلْعِقَابِ ﴿١١﴾

12. Ipagbadya (O Muhammad) sa mga hindi sumasampalataya: "Kayo ay magagapi at titipunin nang sama-sama sa Impiyerno, at tunay namang kasuklam-suklam ang pook na ito upang panahanan."

قُل لِّلَّذِينَ كَفَرُوا۟ سَتُغْلَبُونَ وَتُحْشَرُونَ إِلَىٰ جَهَنَّمَ ۖ وَبِئْسَ ٱلْمِهَادُ ﴿١٢﴾

13. Mayroon na (ngang) naging Tanda sa inyo (O mga Hudyo) sa dalawang pangkat ng sandatahan na nagkatagpo (sa paglalaban, alalaong baga, sa Digmaan ng Badr); ang isa ay nakikipaglaban tungo sa Kapakanan ni Allah, at ang iba, (sila) ay mga hindi sumasampalataya. Sila (na mga sumasampalataya) ay nakamalas sa kanila (na hindi sumasampalataya) sa kanilang sariling mga mata na dalawang ulit na higit na marami ang kanilang bilang (bagama't sa katotohanan ay tatlong ulit na marami). At si Allah ang nagbibigay ng tulong na kalakip ang Kanyang Tagumpay sa sinumang Kanyang maibigan. Katotohanang naririto ang aral sa mga (tao) na may pang-unawa.

قَدْ كَانَ لَكُمْ ءَايَةٌ فِى فِئَتَيْنِ ٱلْتَقَتَا ۖ فِئَةٌ تُقَٰتِلُ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ وَأُخْرَىٰ كَافِرَةٌ يَرَوْنَهُم مِّثْلَيْهِمْ رَأْىَ ٱلْعَيْنِ ۚ وَٱللَّهُ يُؤَيِّدُ بِنَصْرِهِۦ مَن يَشَآءُ ۗ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَعِبْرَةً لِّأُو۟لِى ٱلْأَبْصَٰرِ ﴿١٣﴾

14. Ginawang kahali-halina sa mga tao (kalalakihan) ang pagmamahal sa mga bagay na kanilang hinahangad; mga babae, mga anak, higit na maraming mga ginto at pilak (kayamanan), mga magagandang kabayo, mga bakahan at mga sakahing lupa. Ito ang kaligayahan ng pangkasalukuyang mundo; datapuwa't si Allah ay may mahusay na Sukli (ang Paraiso na may mga ilog na nagsisidaloy) na nasa Kanya.

زُيِّنَ لِلنَّاسِ حُبُّ ٱلشَّهَوَٰتِ مِنَ ٱلنِّسَآءِ وَٱلْبَنِينَ وَٱلْقَنَٰطِيرِ ٱلْمُقَنطَرَةِ مِنَ ٱلذَّهَبِ وَٱلْفِضَّةِ وَٱلْخَيْلِ ٱلْمُسَوَّمَةِ وَٱلْأَنْعَٰمِ وَٱلْحَرْثِ ۗ ذَٰلِكَ مَتَٰعُ ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا ۖ وَٱللَّهُ عِندَهُۥ حُسْنُ ٱلْمَـَٔابِ ﴿١٤﴾

15. Ipagbadya: "Ipaaalam Ko ba sa inyo ang mga bagay na higit na mainam dito? Para sa *Al Muttaqun* (mga matimtiman, mababuti at masunurin kay Allah), ay mayroong mga halamanan (Paraiso) sa kanilang Panginoon, na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy. Naririto (ang kanilang) walang hanggang (tahanan) at mga dalisay na asawa (alalaong baga, sila ay walang regla, ihi o dumi, atbp.), at si Allah ay lubos na nalulugod sa kanila. At si Allah ang Ganap na Nakamamasid sa (Kanyang) mga alipin.

۞ قُلْ أَؤُنَبِّئُكُم بِخَيْرٍ مِّن ذَٰلِكُمْ ۚ لِلَّذِينَ اتَّقَوْا عِندَ رَبِّهِمْ جَنَّاتٌ تَجْرِي مِن تَحْتِهَا الْأَنْهَارُ خَالِدِينَ فِيهَا وَأَزْوَاجٌ مُّطَهَّرَةٌ وَرِضْوَانٌ مِّنَ اللَّهِ ۗ وَاللَّهُ بَصِيرٌ بِالْعِبَادِ ﴿١٥﴾

16. Sila na nagsasabi: "O Aming Panginoon! Katotohanang kami ay sumampalataya (sa Inyo), kaya't kami ay patawarin Ninyo sa aming mga kasalanan at (Inyong) iligtas kami sa kaparusahan ng Apoy."

الَّذِينَ يَقُولُونَ رَبَّنَا إِنَّنَا آمَنَّا فَاغْفِرْ لَنَا ذُنُوبَنَا وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ ﴿١٦﴾

17. (Sila) ang matimtiman sa pagtitiyaga, ang mga tapat (sa pananampalataya, sa salita at gawa), ang masunurin na may matapat na debosyon sa pagsamba kay Allah. Ang mga gumugugol (na nagbibigay ng *Zakah* [katungkulang kawanggawa], at mga tulong sa Kapakanan ni Allah) at mga nananalangin at humihingi ng kapatawaran ni Allah sa mga huling oras ng gabi.

الصَّابِرِينَ وَالصَّادِقِينَ وَالْقَانِتِينَ وَالْمُنفِقِينَ وَالْمُسْتَغْفِرِينَ بِالْأَسْحَارِ ﴿١٧﴾

18. Si Allah ang nagpapatotoo ng *La ilaha illa Huwa* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), at ang mga Anghel, at sila na mayroong karunungan (ay nagbibigay din ng ganitong pagpapatotoo); (lagi Niyang) pinapanatili ang Kanyang Katarungan sa (Kanyang) mga nilikha. *La ilaha illa Huwa* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

شَهِدَ اللَّهُ أَنَّهُ لَا إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ وَالْمَلَائِكَةُ وَأُولُو الْعِلْمِ قَائِمًا بِالْقِسْطِ ۚ لَا إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ الْعَزِيزُ الْحَكِيمُ ﴿١٨﴾

19. Katotohanan, ang Relihiyong tatanggapin ni Allah ay Islam. Ang mga pinagkalooban ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ay hindi nagkakahidwa, maliban (lamang) nang pagkaraang dumatal sa kanila ang kaalaman, sa pamamagitan ng pananaghili at pagkapoot sa

إِنَّ الدِّينَ عِندَ اللَّهِ الْإِسْلَامُ ۗ وَمَا اخْتَلَفَ الَّذِينَ أُوتُوا الْكِتَابَ إِلَّا مِن بَعْدِ مَا جَاءَهُمُ الْعِلْمُ بَغْيًا بَيْنَهُمْ ۗ وَمَن يَكْفُرْ بِآيَاتِ اللَّهِ فَإِنَّ اللَّهَ سَرِيعُ

isa't isa. At sinuman ang hindi manampalataya sa *Ayat* (mga aral, katibayan, kapahayagan, tanda, atbp.) ni Allah, kung gayon, katiyakang si Allah ay Maagap sa pagtawag sa Pagsusulit.

ٱلْحِسَابِ ﴿١٩﴾

20. Kaya't kung sila ay nakikipagtalo sa iyo (O Muhammad), iyong ipagbadya: "Ako ay nagsuko ng aking sarili kay Allah (sa Islam) at (gayundin) ang mga sumusunod sa akin." At iyong sabihin sa kanila na pinagkalooban ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) at sa mga mangmang (ang paganong Arabo): "Kayo rin ba ay nagsusuko ng inyong sarili (kay Allah sa Islam)?" Kung sila ay gumagawa (nito), sila ay matuwid na napapatnubayan; datapuwa't kung sila ay tumalikod, ang iyong tungkulin ay iparating lamang ang Kapahayagan; at si Allah ang Ganap na Nakamamasid ng (Kanyang) mga alipin.

فَإِنْ حَآجُّوكَ فَقُلْ أَسْلَمْتُ وَجْهِيَ لِلَّهِ وَمَنِ ٱتَّبَعَنِ ۗ وَقُل لِّلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ وَٱلْأُمِّيِّـۧنَ ءَأَسْلَمْتُمْ ۚ فَإِنْ أَسْلَمُوا۟ فَقَدِ ٱهْتَدَوا۟ ۖ وَّإِن تَوَلَّوْا۟ فَإِنَّمَا عَلَيْكَ ٱلْبَلَٰغُ ۗ وَٱللَّهُ بَصِيرٌۢ بِٱلْعِبَادِ ﴿٢٠﴾

21. Katotohanan! Ang mga hindi sumasampalataya sa *Ayat* (mga aral, kapahayagan, katibayan, tanda, atbp.) ni Allah at pumapatay sa mga Propeta ng walang katuwiran (karapatan), at pumapatay sa mga tao na nagtuturo ng makatarungang pakikitungo, ipahayag sa kanila ang kasakit-sakit na kaparusahan.

إِنَّ ٱلَّذِينَ يَكْفُرُونَ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ وَيَقْتُلُونَ ٱلنَّبِيِّـۧنَ بِغَيْرِ حَقٍّ وَيَقْتُلُونَ ٱلَّذِينَ يَأْمُرُونَ بِٱلْقِسْطِ مِنَ ٱلنَّاسِ فَبَشِّرْهُم بِعَذَابٍ أَلِيمٍ ﴿٢١﴾

22. Sila (nga ang mga tao) na nawalan ng saysay ang kanilang mga gawa sa mundong ito at sa Kabilang Buhay, at sa kanila ay walang makatutulong.

أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ حَبِطَتْ أَعْمَٰلُهُمْ فِى ٱلدُّنْيَا وَٱلْـَٔاخِرَةِ وَمَا لَهُم مِّن نَّٰصِرِينَ ﴿٢٢﴾

23. Hindi baga ninyo napagmamalas sila na pinagkalooban ng bahagi ng Kasulatan? Sila ay inanyayahan sa Aklat ni Allah upang pagpasyahan ang kanilang hindi pagkakasundo; pagkatapos, may isang lipon sa kanila ang tumalikod, at sila ay tumututol.

أَلَمْ تَرَ إِلَى ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ نَصِيبًا مِّنَ ٱلْكِتَٰبِ يُدْعَوْنَ إِلَىٰ كِتَٰبِ ٱللَّهِ لِيَحْكُمَ بَيْنَهُمْ ثُمَّ يَتَوَلَّىٰ فَرِيقٌ مِّنْهُمْ وَهُم مُّعْرِضُونَ ﴿٢٣﴾

24. Ito'y sa dahilang sila ay nagsasabi: "Ang Apoy ay hindi didila sa amin maliban lamang sa ilang araw." At ang mga nakahiratihan na nilang gawin (na bulaang gawa) tungkol sa kanilang pananampalataya ay luminlang sa kanila.

ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ قَالُوا۟ لَن تَمَسَّنَا ٱلنَّارُ إِلَّآ أَيَّامًا مَّعْدُودَٰتٍ ۖ وَغَرَّهُمْ فِى دِينِهِم مَّا كَانُوا۟ يَفْتَرُونَ ﴿٢٤﴾

فَكَيْفَ إِذَا جَمَعْنَٰهُمْ لِيَوْمٍ لَّا رَيْبَ فِيهِ وَوُفِّيَتْ كُلُّ نَفْسٍ مَّا كَسَبَتْ وَهُمْ لَا يُظْلَمُونَ ﴿٢٥﴾

25. Paano (kaya ang mangyayari) kung sila ay Aming tipunin (nang sama-sama) sa Araw na walang alinlangan (ang Araw ng Muling Pagkabuhay), at ang bawat tao ay gagawaran ng gantimpala nang ganap sa anumang kanyang nagawa? At sila ay hindi pakikitunguhan ng walang katarungan.

قُلِ ٱللَّهُمَّ مَٰلِكَ ٱلْمُلْكِ تُؤْتِى ٱلْمُلْكَ مَن تَشَآءُ وَتَنزِعُ ٱلْمُلْكَ مِمَّن تَشَآءُ ۖ وَتُعِزُّ مَن تَشَآءُ وَتُذِلُّ مَن تَشَآءُ ۖ بِيَدِكَ ٱلْخَيْرُ ۖ إِنَّكَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿٢٦﴾

26. Ipagbadya (O Muhammad): "O Allah! Ang nag-aangkin ng Kaharian, Kayo ang nagkakaloob ng kaharian sa sinumang Inyong maibigan, at Kayo ang bumabawi sa kaharian sa sinumang Inyong maibigan, at Kayo ang naggagawad ng karangalan sa sinumang Inyong maibigan, at Kayo ang magpapaaba (magpapababa) sa sinumang Inyong maibigan. Nasa sa Inyong Kamay ang kabutihan. Katotohanang Kayo ay makagagawa ng lahat ng bagay.

تُولِجُ ٱلَّيْلَ فِى ٱلنَّهَارِ وَتُولِجُ ٱلنَّهَارَ فِى ٱلَّيْلِ ۖ وَتُخْرِجُ ٱلْحَىَّ مِنَ ٱلْمَيِّتِ وَتُخْرِجُ ٱلْمَيِّتَ مِنَ ٱلْحَىِّ ۖ وَتَرْزُقُ مَن تَشَآءُ بِغَيْرِ حِسَابٍ ﴿٢٧﴾

27. Inyong ginawa na ang gabi ay pumasok (lumagom) sa araw (maghapon) at Inyong ginawa na ang araw (maghapon) ay pumasok (lumagom) sa gabi (alalaong baga, ang pagdaragdag at pagkabawas ng oras ng gabi at araw sa panahon ng taglamig at tag-init), at Inyong pinalabas ang nabubuhay mula sa patay, at Inyong pinalabas ang patay mula sa nabubuhay. At Kayo ang nagkakaloob ng Inyong biyaya at panustos na walang pagbibilang (pasubali) sa sinumang Inyong maibigan".

لَا يَتَّخِذِ ٱلْمُؤْمِنُونَ ٱلْكَٰفِرِينَ أَوْلِيَآءَ مِن دُونِ ٱلْمُؤْمِنِينَ ۖ وَمَن يَفْعَلْ ذَٰلِكَ فَلَيْسَ مِنَ ٱللَّهِ فِى شَىْءٍ إِلَّآ أَن تَتَّقُوا۟ مِنْهُمْ تُقَىٰةً ۗ وَيُحَذِّرُكُمُ ٱللَّهُ نَفْسَهُۥ ۗ وَإِلَى ٱللَّهِ ٱلْمَصِيرُ ﴿٢٨﴾

28. Huwag hayaan na ang mga sumasampalataya ay tumangkilik sa mga hindi sumasampalataya bilang *Auliya* (tagapangalaga, katulong, kaibigan) sa halip ng mga sumasampalataya, at sinuman ang gumawa ng gayon, (sila) ay hindi kailanman tutulungan ni Allah sa anumang paraan, maliban na lamang kung kayo ay katotohanang nangangamba sa panganib mula sa kanila. At si Allah ay nagbabala sa inyo laban sa Kanyang Sarili (sa Kanyang kaparusahan), at kay Allah ang huling pagbabalik.

قُلْ إِن تُخْفُوا۟ مَا فِى صُدُورِكُمْ أَوْ تُبْدُوهُ يَعْلَمْهُ

29. Ipagbadya (O Muhammad): "Kahima't inyong ikubli kung ano ang nasa inyong puso o

ilantad ito, si Allah ang nakatatalos nito, at batid Niya kung ano ang nasa kalangitan at kung ano ang nasa kalupaan. At si Allah ay makagagawa ng lahat ng bagay."

اللَّهُ وَيَعْلَمُ مَا فِي السَّمَاوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ وَاللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ ﴿٢٩﴾

30. Sa Araw na kakaharapin ng bawat tao ang lahat ng mabuti na kanyang ginawa, at ng lahat ng masama na kanyang ginawa; siya ay maghahangad na mayroon sanang malaking agwat sa pagitan niya at ng kanyang kasamaan. At si Allah ay nagbabala sa inyo laban sa Kanyang Sarili (sa Kanyang kaparusahan), at si Allah ay Puspos ng Kabaitan sa Kanyang mga alipin.

يَوْمَ تَجِدُ كُلُّ نَفْسٍ مَّا عَمِلَتْ مِنْ خَيْرٍ مُّحْضَرًا وَمَا عَمِلَتْ مِن سُوءٍ تَوَدُّ لَوْ أَنَّ بَيْنَهَا وَبَيْنَهُ أَمَدًا بَعِيدًا وَيُحَذِّرُكُمُ اللَّهُ نَفْسَهُ وَاللَّهُ رَءُوفٌ بِالْعِبَادِ ﴿٣٠﴾

31. Ipagbadya (O Muhammad sa sangkatauhan): "Kung (talagang) minamahal ninyo si Allah, kung gayon, ako ay inyong sundin (alalaong baga, tanggapin ang Kaisahan ni Allah, sundin ang Qur'an at Gawa ng Propeta), si Allah ay magmamahal sa inyo at magpapatawad sa inyong mga kasalanan. At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

قُلْ إِن كُنتُمْ تُحِبُّونَ اللَّهَ فَاتَّبِعُونِي يُحْبِبْكُمُ اللَّهُ وَيَغْفِرْ لَكُمْ ذُنُوبَكُمْ وَاللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٣١﴾

32. Ipagbadya (O Muhammad): "Sundin ninyo si Allah at ang Sugo (Muhammad)." Datapuwa't kung sila ay tumalikod, kung gayon, si Allah ay hindi nagmamahal sa mga hindi sumasampalataya.

قُلْ أَطِيعُوا اللَّهَ وَالرَّسُولَ فَإِن تَوَلَّوْا فَإِنَّ اللَّهَ لَا يُحِبُّ الْكَافِرِينَ ﴿٣٢﴾

33. Si Allah ang humirang kay Adam (Adan), kay Nuh (Noah) at sa pamilya ni Ibrahim (Abraham), at sa pamilya ni Imran nang higit sa lahat ng mga nilalang (ng kanilang kapanahunan),

إِنَّ اللَّهَ اصْطَفَىٰ آدَمَ وَنُوحًا وَآلَ إِبْرَاهِيمَ وَآلَ عِمْرَانَ عَلَى الْعَالَمِينَ ﴿٣٣﴾

34. Mga supling, na magkakasunod; at si Allah ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Nakababatid.

ذُرِّيَّةً بَعْضُهَا مِن بَعْضٍ وَاللَّهُ سَمِيعٌ عَلِيمٌ ﴿٣٤﴾

35. (Gunitain) nang ang asawa ni Imran (ina ni Maria) ay nagsabi: "O aking Panginoon! Ako ay nangako sa Inyo na ang nasa sinapupunan ko ay iaalay ko tungo sa paglilingkod sa Inyo (malaya sa lahat ng makamundong gawa; upang maglingkod sa Inyong Lugar ng Pagsamba), kaya't tanggapin Ninyo (siya) mula sa akin.

إِذْ قَالَتِ امْرَأَتُ عِمْرَانَ رَبِّ إِنِّي نَذَرْتُ لَكَ مَا فِي بَطْنِي مُحَرَّرًا فَتَقَبَّلْ مِنِّي إِنَّكَ أَنتَ السَّمِيعُ الْعَلِيمُ ﴿٣٥﴾

Katotohanan, Kayo ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam."

36. At nang kanyang maipanganak siya (ang batang si Maria), siya ay nagsabi: "O aking Panginoon! Ako ay nagsilang ng isang sanggol na babae", at si Allah ang higit na nakakaalam kung ano ang kanyang ipinanganak, at ang lalaki ay hindi katulad ng babae, "at aking pinangalanan siya ng Mariam (Maria), at ako ay humihingi ng pagkalinga (mula) sa Inyo para sa kanya at sa kanyang magiging supling laban sa kasamaan ni Satanas, ang itinakwil."

فَلَمَّا وَضَعَتْهَا قَالَتْ رَبِّ إِنِّي وَضَعْتُهَا أُنثَىٰ وَاللَّهُ أَعْلَمُ بِمَا وَضَعَتْ وَلَيْسَ الذَّكَرُ كَالْأُنثَىٰ ۖ وَإِنِّي سَمَّيْتُهَا مَرْيَمَ وَإِنِّي أُعِيذُهَا بِكَ وَذُرِّيَّتَهَا مِنَ الشَّيْطَانِ الرَّجِيمِ ﴿٣٦﴾

37. Kaya't ang kanyang Panginoon (Allah) ay tumanggap sa kanya (Maria) ng may mabuting pagtanggap. At hinayaan Niya na siya ay lumaki sa kagandahang-asal at siya ay itinagubilin sa ilalim ng pangangalaga ni Zakarias. Sa bawat sandali na siya (Zakarias) ay pumapasok sa *Al-Mihrab* (isang silid-dasalan o pribadong silid) upang (bisitahin) siya, kanyang natatagpuan siya na maraming pagkain. Siya ay nagsabi: "O Mariam (Maria)! Saan mo ba nakikita ang mga ito? Siya ay nagsabi: "Mula kay Allah". Katotohanang si Allah ay nagkakaloob ng ikabubuhay sa sinumang Kanyang maibigan ng walang pagbibilang (pasubali).

فَتَقَبَّلَهَا رَبُّهَا بِقَبُولٍ حَسَنٍ وَأَنۢبَتَهَا نَبَاتًا حَسَنًا وَكَفَّلَهَا زَكَرِيَّا ۖ كُلَّمَا دَخَلَ عَلَيْهَا زَكَرِيَّا الْمِحْرَابَ وَجَدَ عِندَهَا رِزْقًا ۖ قَالَ يَا مَرْيَمُ أَنَّىٰ لَكِ هَٰذَا ۖ قَالَتْ هُوَ مِنْ عِندِ اللَّهِ ۖ إِنَّ اللَّهَ يَرْزُقُ مَن يَشَاءُ بِغَيْرِ حِسَابٍ ﴿٣٧﴾

38. At sa sandaling ito, si Zakarias ay nanikluhod sa kanyang Panginoon na nagsasabi: "O aking Panginoon! Ako ay gawaran (Ninyo) mula sa Inyo ng isang mabuting supling. Katotohanang Kayo ang Ganap na Nakakarinig ng panawagan."

هُنَالِكَ دَعَا زَكَرِيَّا رَبَّهُ ۖ قَالَ رَبِّ هَبْ لِي مِن لَّدُنكَ ذُرِّيَّةً طَيِّبَةً ۖ إِنَّكَ سَمِيعُ الدُّعَاءِ ﴿٣٨﴾

39. At (di naglaon), ang mga anghel ay tumawag sa kanya habang siya ay nakatindig sa pananalangin sa loob ng *Al-Mihrab* (na nagsasabi): "Si Allah ay naghahatid sa iyo ng masayang balita tungkol kay Yahya (Juan) na magpapatotoo sa salita na mula kay Allah (alalaong baga, sa pagkalikha kay Hesus [Mangyari nga! At siya ay nalikha!]). Siya (Yahya [Juan] na anak ni Zakarias) ay marangal, na nananatiling malayo sa pakikipag-ulayaw sa mga babae at isang Propeta na

فَنَادَتْهُ الْمَلَائِكَةُ وَهُوَ قَائِمٌ يُصَلِّي فِي الْمِحْرَابِ أَنَّ اللَّهَ يُبَشِّرُكَ بِيَحْيَىٰ مُصَدِّقًا بِكَلِمَةٍ مِّنَ اللَّهِ وَسَيِّدًا وَحَصُورًا وَنَبِيًّا مِّنَ الصَّالِحِينَ ﴿٣٩﴾

kabilang sa mga matutuwid."

40. Siya (Zakarias) ay nagsabi: "O aking Panginoon! Paano akong magkakaroon ng anak na lalaki, gayong ako ay lubhang matanda na, at ang aking asawa ay baog?" Si Allah ay nagwika: "Si Allah ay gumagawa ng anumang Kanyang naisin."

قَالَ رَبِّ أَنَّىٰ يَكُونُ لِي غُلَٰمٌ وَقَدْ بَلَغَنِيَ ٱلْكِبَرُ وَٱمْرَأَتِي عَاقِرٌ ۖ قَالَ كَذَٰلِكَ ٱللَّهُ يَفْعَلُ مَا يَشَآءُ ﴿٤٠﴾

41. Siya ay nagsabi: "O aking Panginoon! Gumawa Kayo ng tanda para sa akin." Si Allah ay nagwika: "Ang iyong tanda ay mangyayari na ikaw ay hindi makakapangusap sa mga tao sa loob ng tatlong araw maliban lamang sa senyas. At labis mong alalahanin ang iyong Panginoon (sa pamamagitan ng pagpupuri sa Kanya nang paulit-ulit), at luwalhatiin mo (Siya) sa hapon at sa umaga."

قَالَ رَبِّ ٱجْعَل لِّيٓ ءَايَةً ۚ قَالَ ءَايَتُكَ أَلَّا تُكَلِّمَ ٱلنَّاسَ ثَلَٰثَةَ أَيَّامٍ إِلَّا رَمْزًا ۗ وَٱذْكُر رَّبَّكَ كَثِيرًا وَسَبِّحْ بِٱلْعَشِيِّ وَٱلْإِبْكَٰرِ ﴿٤١﴾

42. At (gunitain) nang ang mga anghel ay magbadya: "O Mariam! Katotohanang si Allah ay humirang sa iyo, nagpadalisay sa iyo (sa pagsamba sa diyus-diyosan at kawalan ng pananalig), at ikaw ay hinirang nang higit sa lahat ng mga babae ng *Alamin* (lahat ng mga nilalang, [sa kanyang kapanahunan])."

وَإِذْ قَالَتِ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ يَٰمَرْيَمُ إِنَّ ٱللَّهَ ٱصْطَفَىٰكِ وَطَهَّرَكِ وَٱصْطَفَىٰكِ عَلَىٰ نِسَآءِ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٤٢﴾

43. "O Mariam! Isuko mo ang iyong sarili ng may pagtalima sa iyong Panginoon (kay Allah, sa pagsamba lamang sa Kanya) at magpatirapa ka, at ikaw ay yumukod na kasama ng mga yumuyukod."

يَٰمَرْيَمُ ٱقْنُتِي لِرَبِّكِ وَٱسْجُدِي وَٱرْكَعِي مَعَ ٱلرَّٰكِعِينَ ﴿٤٣﴾

44. Ito ay bahagi ng balita ng *Al-Ghaib* (ang nakalingid, alalaong baga, ang balita ng mga nakaraang pamayanan na wala kayong kaalaman), na Aming ipinahayag sa iyo (O Muhammad). Ikaw ay wala sa lipon nila nang sila ay magsipaghagis ng mga palaso (busog o bala ng pana) at magpalabunutan kung sino sa kanila ang nararapat na bigyang katungkulan sa pangangalaga kay Maria; at wala ka rin sa kanila nang sila ay nagsisipagtalo.

ذَٰلِكَ مِنْ أَنۢبَآءِ ٱلْغَيْبِ نُوحِيهِ إِلَيْكَ ۚ وَمَا كُنتَ لَدَيْهِمْ إِذْ يُلْقُونَ أَقْلَٰمَهُمْ أَيُّهُمْ يَكْفُلُ مَرْيَمَ ۖ وَمَا كُنتَ لَدَيْهِمْ إِذْ يَخْتَصِمُونَ ﴿٤٤﴾

45. (Gunitain) nang ipagbadya ng mga anghel: "O Mariam! Si Allah ay naghahatid sa iyo ng masayang balita ng isang Salita (Mangyari nga! At ito ay naganap, alalaong baga, si Hesus na anak ni Maria) mula sa Kanya, ang kanyang

إِذْ قَالَتِ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ يَٰمَرْيَمُ إِنَّ ٱللَّهَ يُبَشِّرُكِ بِكَلِمَةٍ مِّنْهُ ٱسْمُهُ ٱلْمَسِيحُ عِيسَى ٱبْنُ مَرْيَمَ وَجِيهًا فِى ٱلدُّنْيَا وَٱلْءَاخِرَةِ وَمِنَ ٱلْمُقَرَّبِينَ ﴿٤٥﴾

pangalan ay tatawaging Mesiyas, si Issa (Hesus) na anak ni Mariam, na itinampok sa karangalan sa mundong ito gayundin sa Kabilang Buhay, at magiging isa sa mga malalapit kay Allah."

وَيُكَلِّمُ ٱلنَّاسَ فِى ٱلْمَهْدِ وَكَهْلًا وَمِنَ ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿٤٦﴾

46. Siya (Hesus) ay mangungusap sa mga tao sa kanyang duyan at sa kanyang pagbibinata, siya ay magiging isa sa mga matutuwid.

قَالَتْ رَبِّ أَنَّىٰ يَكُونُ لِى وَلَدٌ وَلَمْ يَمْسَسْنِى بَشَرٌ ۖ قَالَ كَذَٰلِكِ ٱللَّهُ يَخْلُقُ مَا يَشَآءُ ۚ إِذَا قَضَىٰٓ أَمْرًا فَإِنَّمَا يَقُولُ لَهُۥ كُن فَيَكُونُ ﴿٤٧﴾

47. Siya (Maria) ay nagsabi: "O aking Panginoon! Papaano akong magkakaroon ng anak (na lalaki) gayong wala pang lalaki ang sumaling sa akin." Siya (Allah) ay nagwika: "Ito ay magaganap, sapagkat si Allah ay lumilikha ng Kanyang maibigan." Kung Siya ay magtalaga ng isang bagay, Siya ay magwiwika lamang ng: "Mangyari nga!", at ito ay magaganap.

وَيُعَلِّمُهُ ٱلْكِتَٰبَ وَٱلْحِكْمَةَ وَٱلتَّوْرَىٰةَ وَٱلْإِنجِيلَ ﴿٤٨﴾

48. At Siya (Allah) ay magtuturo sa kanya (Hesus) ng Aklat at *Al-Hikmah* (alalaong baga, ang Sunnah, [mga Gawa], ang salita ng mga Propeta na walang kamalian, ang karunungan) at ng *Taurat* (*Torah* [Mga Batas]) at ng *Injil* (Ebanghelyo).

وَرَسُولًا إِلَىٰ بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ أَنِّى قَدْ جِئْتُكُم بِـَٔايَةٍ مِّن رَّبِّكُمْ ۖ أَنِّىٓ أَخْلُقُ لَكُم مِّنَ ٱلطِّينِ كَهَيْـَٔةِ ٱلطَّيْرِ فَأَنفُخُ فِيهِ فَيَكُونُ طَيْرًۢا بِإِذْنِ ٱللَّهِ ۖ وَأُبْرِئُ ٱلْأَكْمَهَ وَٱلْأَبْرَصَ وَأُحْىِ ٱلْمَوْتَىٰ بِإِذْنِ ٱللَّهِ ۖ وَأُنَبِّئُكُم بِمَا تَأْكُلُونَ وَمَا تَدَّخِرُونَ فِى بُيُوتِكُمْ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَـَٔايَةً لَّكُمْ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ﴿٤٩﴾

49. At Kanyang hihirangin siya (Hesus) na isang Sugo sa Angkan ng Israel (na magsasabi): "Ako ay naparito sa inyo na may dalang Tanda mula sa inyong Panginoon; aking huhubugin para sa inyo mula sa malagkit na putik, na katulad nito ang hugis ng isang ibon at aking hihipan ito at magiging isang ibon, sa kapahintulutan ni Allah; at aking pagagalingin siya na ipinanganak na bulag, at ang may ketong, at aking bibigyang muli ng buhay ang patay, sa kapahintulutan ni Allah. At ipaaalam ko sa inyo kung ano ang inyong kinakain, at kung ano ang iniimbak ninyo sa inyong mga tahanan. Katotohanang naririto ang isang tanda sa inyo kung kayo ay nananalig.

وَمُصَدِّقًا لِّمَا بَيْنَ يَدَىَّ مِنَ ٱلتَّوْرَىٰةِ وَلِأُحِلَّ لَكُم بَعْضَ ٱلَّذِى حُرِّمَ عَلَيْكُمْ ۚ وَجِئْتُكُم بِـَٔايَةٍ مِّن رَّبِّكُمْ ۖ فَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَأَطِيعُونِ ﴿٥٠﴾

50. At ako ay pumarito (sa inyo) na nagpapatotoo kung ano (ang nakapaloob) sa *Torah* (mga Batas) noong pang una, at upang gawing tumpak (at makatarungan) sa inyo ang ilang bahagi (ng mga bagay) na sa inyo ay ipinagbabawal, at ako ay pumarito sa inyo na

may katibayan mula sa inyong Panginoon. Kaya't pangambahan ninyo si Allah at ako ay inyong sundin.

إِنَّ ٱللَّهَ رَبِّى وَرَبُّكُمْ فَٱعْبُدُوهُ ۗ هَٰذَا صِرَٰطٌ مُّسْتَقِيمٌ ﴿٥١﴾

51. Katotohanan! Si Allah ay aking Panginoon at inyong Panginoon, kaya't (tanging) Siya (lamang) ang inyong sambahin. Ito ang Matuwid na Landas.

فَلَمَّآ أَحَسَّ عِيسَىٰ مِنْهُمُ ٱلْكُفْرَ قَالَ مَنْ أَنصَارِىٓ إِلَى ٱللَّهِ ۖ قَالَ ٱلْحَوَارِيُّونَ نَحْنُ أَنصَارُ ٱللَّهِ ءَامَنَّا بِٱللَّهِ وَٱشْهَدْ بِأَنَّا مُسْلِمُونَ ﴿٥٢﴾

52. At nang mapag-alaman ni Hesus ang kanilang kawalan ng pananampalataya, siya ay nagsabi: "Sino baga ang aking makakatulong sa Kapakanan ni Allah?" Ang *Hawariyyun* (mga disipulo) ay nagsabi: "Kami ang mga tagatangkilik (katulong) ni Allah; kami ay sumasampalataya kay Allah at ikaw (Hesus) ay magbigay-saksi na kami ay mga Muslim (na tumatalima kay Allah)."

رَبَّنَآ ءَامَنَّا بِمَآ أَنزَلْتَ وَٱتَّبَعْنَا ٱلرَّسُولَ فَٱكْتُبْنَا مَعَ ٱلشَّٰهِدِينَ ﴿٥٣﴾

53. "O Aming Panginoon! Kami ay naniniwala sa anuman na Inyong ipinanaog, at kami ay sumusunod sa Sugo (Hesus); kaya't (Inyong) itala kami sa lipon ng mga nagbibigay-patotoo sa Katotohanan, (alalaong baga, ang nagsasabi ng "Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah).

وَمَكَرُوا۟ وَمَكَرَ ٱللَّهُ ۖ وَٱللَّهُ خَيْرُ ٱلْمَٰكِرِينَ ﴿٥٤﴾

54. At sila (ang mga hindi sumasampalataya) ay nagbalak (na patayin si Hesus) at si Allah ay nagbalak din. At si Allah ang Pinakamahusay sa lahat ng nagbabalak.

إِذْ قَالَ ٱللَّهُ يَٰعِيسَىٰٓ إِنِّى مُتَوَفِّيكَ وَرَافِعُكَ إِلَىَّ وَمُطَهِّرُكَ مِنَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَجَاعِلُ ٱلَّذِينَ ٱتَّبَعُوكَ فَوْقَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ إِلَىٰ يَوْمِ ٱلْقِيَٰمَةِ ۖ ثُمَّ إِلَىَّ مَرْجِعُكُمْ فَأَحْكُمُ بَيْنَكُمْ فِيمَا كُنتُمْ فِيهِ تَخْتَلِفُونَ ﴿٥٥﴾

55. At (gunitain) nang winika ni Allah: "O Hesus! Ikaw ay Aking kukunin at Aking itataas sa Aking piling, at ikaw ay Aking dadalisayin sa (maling paratang at kasinungalingan ng mga hindi sumasampalataya na ikaw ay anak ng Diyos), at Aking gagawin ang mga sumusunod sa iyo (ang mga sumasamba lamang kay Allah) na higit na mainam kaysa sa mga walang pananampalataya (sa Kaisahan ni Allah, o sa ibang mga Sugo o sa mga Banal na Aklat) hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay. At pagkaraan, kayo ay magbabalik sa Akin, at Ako ang hahatol sa pagitan ninyo sa mga bagay na inyong kinahiratihan na hindi pinagkakasunduan.

فَأَمَّا ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ فَأُعَذِّبُهُمْ عَذَابًا شَدِيدًا فِى ٱلدُّنْيَا وَٱلْـَٔاخِرَةِ ۖ وَمَا لَهُم مِّن نَّٰصِرِينَ ﴿٥٦﴾

56. At sa mga hindi sumasampalataya, sila ay Aking parurusahan ng matinding kaparusahan sa mundong ito at sa Kabilang Buhay, at sa kanila ay walang makatutulong.

وَأَمَّا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ فَيُوَفِّيهِمْ أُجُورَهُمْ ۗ وَٱللَّهُ لَا يُحِبُّ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٥٧﴾

57. At sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at gumagawa ng kabutihan, si Allah ay maggagawad sa kanila nang ganap na gantimpala. At si Allah ay hindi nagmamahal sa *Zalimun* (mga tampalasan, mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kabuktutan).

ذَٰلِكَ نَتْلُوهُ عَلَيْكَ مِنَ ٱلْـَٔايَٰتِ وَٱلذِّكْرِ ٱلْحَكِيمِ ﴿٥٨﴾

58. Ang (mga bagay) na ito na Aming dinadalit sa iyo (O Muhammad) ay kabilang sa mga Talata at Ganap na Paala-ala (alalaong baga, ang Qur'an).

إِنَّ مَثَلَ عِيسَىٰ عِندَ ٱللَّهِ كَمَثَلِ ءَادَمَ ۖ خَلَقَهُۥ مِن تُرَابٍ ثُمَّ قَالَ لَهُۥ كُن فَيَكُونُ ﴿٥٩﴾

59. Katotohanan, ang kahalintulad ni Hesus sa paglikha sa kanya ni Allah ay katulad ni Adan. Kanyang nilikha siya mula sa alabok, at (Kanyang) winika sa kanya: "Mangyari nga!" At siya ay nalikha.

ٱلْحَقُّ مِن رَّبِّكَ فَلَا تَكُن مِّنَ ٱلْمُمْتَرِينَ ﴿٦٠﴾

60. (Ito) ang katotohanan mula sa iyong Panginoon, kaya't huwag kang mapabilang sa mga nag-aalinlangan.

فَمَنْ حَآجَّكَ فِيهِ مِنۢ بَعْدِ مَا جَآءَكَ مِنَ ٱلْعِلْمِ فَقُلْ تَعَالَوْا۟ نَدْعُ أَبْنَآءَنَا وَأَبْنَآءَكُمْ وَنِسَآءَنَا وَنِسَآءَكُمْ وَأَنفُسَنَا وَأَنفُسَكُمْ ثُمَّ نَبْتَهِلْ فَنَجْعَل لَّعْنَتَ ٱللَّهِ عَلَى ٱلْكَٰذِبِينَ ﴿٦١﴾

61. At sinuman ang makipagtalo sa iyo tungkol sa kanya (Hesus), matapos (ang lahat) ng kaalamang ito ay dumatal sa iyo (alalaong baga, na si Hesus ay isang alipin ni Allah at wala siyang bahagi ng pagka-Diyos), iyong ipagbadya (O Muhammad): "Halina kayo, tawagin natin ang ating mga anak (na lalaki) at inyong mga anak (na lalaki), ang aming kababaihan at inyong kababaihan, ang aming sarili at inyong sarili (sa isang pagtitipon),- at tayo ay manalangin at hilingin (ng may katapatan) na ang Sumpa ni Allah ay sumapit sa kanila na nagsisinungaling."

إِنَّ هَٰذَا لَهُوَ ٱلْقَصَصُ ٱلْحَقُّ ۚ وَمَا مِنْ إِلَٰهٍ إِلَّا ٱللَّهُ ۚ وَإِنَّ ٱللَّهَ لَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٦٢﴾

62. Katotohanan! Ito ang tunay na kasaysayan (tungkol sa buhay ni Hesus), at wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah, (ang Tangi at Tunay na Diyos na walang asawa o anak). At katotohanang si Allah ay Sukdol sa

Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

فَإِن تَوَلَّوْا۟ فَإِنَّ ٱللَّهَ عَلِيمٌۢ بِٱلْمُفْسِدِينَ ﴿٦٣﴾

63. At kung sila ay magsitalikod (at hindi tanggapin itong mga tunay na katibayan), kung gayon, katiyakang si Allah ay Ganap na Nakababatid sa mga gumagawa ng kabuhungan.

قُلْ يَٰٓأَهْلَ ٱلْكِتَٰبِ تَعَالَوْا۟ إِلَىٰ كَلِمَةٍ سَوَآءٍۭ بَيْنَنَا وَبَيْنَكُمْ أَلَّا نَعْبُدَ إِلَّا ٱللَّهَ وَلَا نُشْرِكَ بِهِۦ شَيْـًٔا وَلَا يَتَّخِذَ بَعْضُنَا بَعْضًا أَرْبَابًا مِّن دُونِ ٱللَّهِ ۚ فَإِن تَوَلَّوْا۟ فَقُولُوا۟ ٱشْهَدُوا۟ بِأَنَّا مُسْلِمُونَ ﴿٦٤﴾

64. Ipagbadya (O Muhammad): "O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano). Halina kayo sa isang salita (usapan) na makatarungan sa pagitan namin at ninyo, na huwag tayong sumamba (sa iba) maliban kay Allah, at huwag tayong magbigay ng anumang katambal sa Kanya, at huwag nating itakda ang ilan sa atin bilang panginoon maliban kay Allah. At kung sila ay magsitalikod, inyong sabihin: "Maging saksi kayo na kami ay mga Muslim (na tumatalima kay Allah)."

يَٰٓأَهْلَ ٱلْكِتَٰبِ لِمَ تُحَآجُّونَ فِىٓ إِبْرَٰهِيمَ وَمَآ أُنزِلَتِ ٱلتَّوْرَىٰةُ وَٱلْإِنجِيلُ إِلَّا مِنۢ بَعْدِهِۦٓ ۚ أَفَلَا تَعْقِلُونَ ﴿٦٥﴾

65. O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)! Bakit kayo nagsisipagtalo tungkol sa pananampalataya ni Abraham (alalaong baga, ang mga Hudyo ay nag-aangkin na ang pananampalataya ni Abraham ay Hudyo, gayundin ang mga Kristiyano ay nag-aangkin na ang kanyang pananampalataya ay Kristiyanismo), gayong ang *Taurat* (*Torah* [Mga Batas]) at *Injil* (Ebanghelyo) ay hindi ipinahayag hanggang pagkaraan niya? Wala ba kayong pang-unawa?

هَٰٓأَنتُمْ هَٰٓؤُلَآءِ حَٰجَجْتُمْ فِيمَا لَكُم بِهِۦ عِلْمٌ فَلِمَ تُحَآجُّونَ فِيمَا لَيْسَ لَكُم بِهِۦ عِلْمٌ ۚ وَٱللَّهُ يَعْلَمُ وَأَنتُمْ لَا تَعْلَمُونَ ﴿٦٦﴾

66. Katotohanan, kayong nakikipagtalo sa isang bagay (tungkol kay Hesus) na mayroon kayong kaalaman; paano kayo nakikipagtalo sa isang bagay (tungkol kay Abraham) na wala kayong kaalaman? At si Allah ang nakakaalam at kayo ay walang kaalaman.

مَا كَانَ إِبْرَٰهِيمُ يَهُودِيًّا وَلَا نَصْرَانِيًّا وَلَٰكِن كَانَ حَنِيفًا مُّسْلِمًا وَمَا كَانَ مِنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿٦٧﴾

67. Si Abraham ay hindi Hudyo gayundin naman, siya ay hindi Kristiyano datapuwa't siya ay tunay na Muslim na *Hanifa* (nananalig sa pananampalatayang Islam, na walang dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah) at siya ay hindi kabilang sa *Mushrikun* (mga nagtatambal ng anuman sa pagsamba kay Allah).

إِنَّ أَوْلَى ٱلنَّاسِ بِإِبْرَٰهِيمَ لَلَّذِينَ ٱتَّبَعُوهُ وَهَٰذَا ٱلنَّبِىُّ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ۗ وَٱللَّهُ وَلِىُّ

68. Katotohanan, sa lipon ng sangkatauhan, ang may karapatan sa pag-aangkin kay

Abraham ay sila na nagsitalima sa kanya, at sa Propetang ito (Muhammad), at sila na nagsisampalataya (mga Muslim). At si Allah ang *Wali* (Tagapangalaga at Tagapagtangkilik) ng mga sumasampalataya.

ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٦٨﴾

69. May isang pulutong sa Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ang nagnanais na ihantong kayo sa pagkaligaw. Datapuwa't hindi nila magagawang mailigaw ang sinuman maliban sa kanilang sarili, at ito ay hindi nila nadarama.

وَدَّت طَّآئِفَةٌ مِّنْ أَهْلِ ٱلْكِتَٰبِ لَوْ يُضِلُّونَكُمْ ۖ وَمَا يُضِلُّونَ إِلَّآ أَنفُسَهُمْ وَمَا يَشْعُرُونَ ﴿٦٩﴾

70. O Angkan ng Kasulatan! (mga Hudyo at Kristiyano): "Bakit hindi kayo nananampalataya sa *Ayat* ni Allah (ang mga Talata tungkol kay Propeta Muhammad na nasasaad sa *Taurat* (*Torah* [mga Batas] at sa *Injil* (Ebanghelyo), habang kayo ay sumasaksi nito.

يَٰٓأَهْلَ ٱلْكِتَٰبِ لِمَ تَكْفُرُونَ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ وَأَنتُمْ تَشْهَدُونَ ﴿٧٠﴾

71. O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano): "Bakit ninyo binabahiran ang katotohanan ng kasinungalingan at naglilingid sa katotohanan gayong ito ay inyong nababatid?"

يَٰٓأَهْلَ ٱلْكِتَٰبِ لِمَ تَلْبِسُونَ ٱلْحَقَّ بِٱلْبَٰطِلِ وَتَكْتُمُونَ ٱلْحَقَّ وَأَنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿٧١﴾

72. At ang isang pulutong sa Angkan ng Kasulatan ay nagsasabi: "Maniwala (kayo) sa umaga sa mga bagay na ipinahayag sa mga sumasampalataya (mga Muslim), at inyong itakwil ito sa dulo ng araw (pagsapit ng gabi), upang sila ay tumalikod (sa kanilang pananampalataya.)"

وَقَالَت طَّآئِفَةٌ مِّنْ أَهْلِ ٱلْكِتَٰبِ ءَامِنُوا۟ بِٱلَّذِىٓ أُنزِلَ عَلَى ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَجْهَ ٱلنَّهَارِ وَٱكْفُرُوٓا۟ ءَاخِرَهُۥ لَعَلَّهُمْ يَرْجِعُونَ ﴿٧٢﴾

73. At (ang mga Hudyo ay nagsabi): "Huwag maniwala sa sinuman, maliban sa kanya na sumusunod sa inyong pananampalataya." Ipagbadya (O Muhammad): "Katotohanan! Ang tunay na patnubay ay ang Patnubay ni Allah", (at sila ay nagsabi): "Huwag maniwala na kahit sinuman ay makatatanggap ng katulad ng inyong natanggap (na Kapahayagan), o (kahit sinuman ay) may kakayahang makipagtalo sa inyo sa harap ng inyong Panginoon." Ipagbadya (O Muhammad): "Ang lahat ng Biyaya ay nasa Kamay ni Allah; Siya ang nagkakaloob sa sinumang Kanyang

وَلَا تُؤْمِنُوٓا۟ إِلَّا لِمَن تَبِعَ دِينَكُمْ ۗ قُلْ إِنَّ ٱلْهُدَىٰ هُدَى ٱللَّهِ أَن يُؤْتَىٰٓ أَحَدٌ مِّثْلَ مَآ أُوتِيتُمْ أَوْ يُحَآجُّوكُمْ عِندَ رَبِّكُمْ ۗ قُلْ إِنَّ ٱلْفَضْلَ بِيَدِ ٱللَّهِ يُؤْتِيهِ مَن يَشَآءُ ۗ وَٱللَّهُ وَٰسِعٌ عَلِيمٌ ﴿٧٣﴾

maibigan." At si Allah ay may Ganap na Kasapatan sa lahat ng pangangailangan ng Kanyang mga nilikha, ang Ganap na Maalam.

يَخْتَصُّ بِرَحْمَتِهِۦ مَن يَشَآءُ ۚ وَٱللَّهُ ذُو ٱلْفَضْلِ ٱلْعَظِيمِ ﴿٧٤﴾

74. Siya ang pumipili tungo sa Kanyang habag (ang Islam at Qur'an, at paghirang sa mga Propeta) sa sinumang Kanyang naisin, at si Allah ang Nagmamay-ari ng Malaking Biyaya.

۞ وَمِنْ أَهْلِ ٱلْكِتَٰبِ مَنْ إِن تَأْمَنْهُ بِقِنطَارٍ يُؤَدِّهِۦٓ إِلَيْكَ وَمِنْهُم مَّنْ إِن تَأْمَنْهُ بِدِينَارٍ لَّا يُؤَدِّهِۦٓ إِلَيْكَ إِلَّا مَا دُمْتَ عَلَيْهِ قَآئِمًا ۗ ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ قَالُوا۟ لَيْسَ عَلَيْنَا فِى ٱلْأُمِّيِّـۧنَ سَبِيلٌ وَيَقُولُونَ عَلَى ٱللَّهِ ٱلْكَذِبَ وَهُمْ يَعْلَمُونَ ﴿٧٥﴾

75. Sa lipon ng Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ay mayroon, na kung siya ay pagkatiwalaan ng *Qintar* (isang malaking kayamanan), walang pag-aatubili na ito ay kanyang babayaran; at sa lipon nila ay mayroon sa kanila, na kung pagkatiwalaan ng isang piraso ng sensilyong pilak, ay hindi magbabayad nito maliban na ikaw ay paulit-ulit na maningil sa kanya, sapagkat sila ay nagsasabi: "Walang maisisisi sa amin kung aming ipagkaluno at kunin ang mga ari-arian ng mga mangmang (mga Arabo)." At sila ay nagsasabi ng kasinungalingan laban kay Allah at ito ay kanilang nababatid.

بَلَىٰ مَنْ أَوْفَىٰ بِعَهْدِهِۦ وَٱتَّقَىٰ فَإِنَّ ٱللَّهَ يُحِبُّ ٱلْمُتَّقِينَ ﴿٧٦﴾

76. Tunay nga, sinumang tumupad sa kanyang pangako at labis na mangamba kay Allah; katotohanang si Allah ay magmamahal sa *Al-Mutaqqun* (mga matimtiman at matutuwid na tao na nananampalataya kay Allah).

إِنَّ ٱلَّذِينَ يَشْتَرُونَ بِعَهْدِ ٱللَّهِ وَأَيْمَٰنِهِمْ ثَمَنًا قَلِيلًا أُو۟لَٰٓئِكَ لَا خَلَٰقَ لَهُمْ فِى ٱلْءَاخِرَةِ وَلَا يُكَلِّمُهُمُ ٱللَّهُ وَلَا يَنظُرُ إِلَيْهِمْ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ وَلَا يُزَكِّيهِمْ وَلَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٧٧﴾

77. Katotohanan, ang mga bumibili ng maliit na pakinabang bilang halaga (kapalit) ng Kasunduan kay Allah at (sa) kanilang mga pangako, sila ay walang magiging bahagi sa Kabilang Buhay (Paraiso). Si Allah ay hindi mangungusap sa kanila, gayundin (Siya) ay hindi titingin sa kanila sa Araw ng Muling Pagkabuhay, gayundin ay hindi Niya dadalisayin sila, at sila ay tatanggap ng kasakit-sakit na kaparusahan.

وَإِنَّ مِنْهُمْ لَفَرِيقًا يَلْوُۥنَ أَلْسِنَتَهُم بِٱلْكِتَٰبِ لِتَحْسَبُوهُ مِنَ ٱلْكِتَٰبِ وَمَا هُوَ مِنَ ٱلْكِتَٰبِ وَيَقُولُونَ هُوَ مِنْ عِندِ ٱللَّهِ وَمَا هُوَ مِنْ عِندِ ٱللَّهِ وَيَقُولُونَ عَلَى

78. At katotohanan, sa kanilang lipon ay may isang pulutong na nagbabago (nagpapalit sa kahulugan) ng Aklat sa pamamagitan ng kanilang dila (sa kanilang pagbabasa), upang inyong mapag-akala na ito ay bahagi ng Aklat, datapuwa't ito ay hindi bahagi ng Aklat, at sila

ay nagsasabi: "Ito ay mula kay Allah", subalit ito ay hindi mula kay Allah; at sila ay nagsasabi ng kasinungalingan laban kay Allah at ito ay kanilang nababatid.

اللَّهِ الْكَذِبَ وَهُمْ يَعْلَمُونَ ﴿٧٨﴾

79. Hindi nararapat sa sinumang tao na pinagkalooban ni Allah ng Aklat at *Al-Hukm* (kaalaman at pang-unawa sa mga Batas ng pananampalataya) at pagka-Propeta, at pagkatapos (siya) ay mangusap sa mga tao: "Kayo ay maging tagapagsamba sa akin sa halip (na tagapagsamba) ni Allah." Datapuwa't (siya ay nararapat na magsabi): "Maging *Rabbaniyyun* kayo (mga maalam na tao na nananampalataya at nagsasagawa ng kanilang nalalaman at nangangaral sa iba), sapagkat kayo ay nagtuturo ng Aklat, at ito ay inyong pinag-aaralan."

مَا كَانَ لِبَشَرٍ أَن يُؤْتِيَهُ اللَّهُ الْكِتَابَ وَالْحُكْمَ وَالنُّبُوَّةَ ثُمَّ يَقُولَ لِلنَّاسِ كُونُوا عِبَادًا لِّي مِن دُونِ اللَّهِ وَلَٰكِن كُونُوا رَبَّانِيِّينَ بِمَا كُنتُمْ تُعَلِّمُونَ الْكِتَابَ وَبِمَا كُنتُمْ تَدْرُسُونَ ﴿٧٩﴾

80. Gayundin naman, siya (na pinagkalooban ng Aklat) ay hindi mag-uutos na tangkilikin ninyo ang mga anghel at mga propeta bilang panginoon (diyos). Ipag-uutos ba niya sa inyo na mawalan kayo ng pananalig matapos na kayo ay tumalima sa pag-uutos ni Allah?

وَلَا يَأْمُرَكُمْ أَن تَتَّخِذُوا الْمَلَائِكَةَ وَالنَّبِيِّينَ أَرْبَابًا أَيَأْمُرُكُم بِالْكُفْرِ بَعْدَ إِذْ أَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴿٨٠﴾

81. At (gunitain) nang kunin ni Allah ang Kasunduan ng mga Propeta na nagsasabi: "Tanggapin ninyo ang anuman na Aking ibigay sa inyo na kabilang sa Aklat at *Al-Hikmah* (pang-unawa sa mga Batas ni Allah), at pagkaraan, ay mayroong darating sa inyo na isang Sugo (Muhammad) na magpapatotoo kung ano ang nasa inyo; nararapat na kayo ay maniwala sa kanya at tulungan siya." Si Allah ay nagwika: "Kayo ba ay sumasang-ayon (dito) at inyo bang kukunin ang Aking Kasunduan (na Aking pinagtibay sa inyo)?" Sila ay nagsabi: "Kami ay sumasang-ayon." Siya (Allah) ay nagwika: "Kung gayon, kayo ay magpatotoo; at Ako ay inyong kasama na sumasaksi (para rito)."

وَإِذْ أَخَذَ اللَّهُ مِيثَاقَ النَّبِيِّينَ لَمَا آتَيْتُكُم مِّن كِتَابٍ وَحِكْمَةٍ ثُمَّ جَاءَكُمْ رَسُولٌ مُّصَدِّقٌ لِّمَا مَعَكُمْ لَتُؤْمِنُنَّ بِهِ وَلَتَنصُرُنَّهُ ۚ قَالَ أَأَقْرَرْتُمْ وَأَخَذْتُمْ عَلَىٰ ذَٰلِكُمْ إِصْرِي ۖ قَالُوا أَقْرَرْنَا ۚ قَالَ فَاشْهَدُوا وَأَنَا مَعَكُم مِّنَ الشَّاهِدِينَ ﴿٨١﴾

82. At kung sinuman ang tumalikod (dito) pagkaroon nito, sila ang *Fasiqun* (mga mapaghimagsik, mga nagtatakwil sa pagsunod kay Allah).

فَمَن تَوَلَّىٰ بَعْدَ ذَٰلِكَ فَأُولَٰئِكَ هُمُ الْفَاسِقُونَ ﴿٨٢﴾

83. Sila baga ay naghahanap ng iba pang

أَفَغَيْرَ دِينِ اللَّهِ يَبْغُونَ وَلَهُ أَسْلَمَ مَن

Relihiyon maliban sa Relihiyon ni Allah (ang tunay na pananampalataya sa Kaisahan ni Allah, at Siya lamang ang karapat-dapat na pag-ukulan ng pagsamba), samantalang sa Kanya ay tumatalima ang lahat ng mga nilalang sa kalangitan at kalupaan, nang bukal sa kalooban at hindi bukal sa kalooban. At silang lahat sa Kanya ay magbabalik.

فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ طَوْعًا وَكَرْهًا وَإِلَيْهِ يُرْجَعُونَ ﴿٨٣﴾

84. Ipagbadya (O Muhammad): "Kami ay sumasampalataya kay Allah at sa anumang ipinanaog sa amin, at sa anumang ipinanaog kay Abraham, Ismail, Isaac, Hakob at *Al-Asbat* (ang mga supling ng labindalawang anak na lalaki ni Hakob) at sa mga ipinagkaloob kay Moises, Hesus, at sa mga Propeta mula sa kanilang Panginoon. Kami ay hindi nagbibigay sa kanila ng pagtatangi-tangi sa bawat isa sa kanila, at sa Kanya (Allah) kami ay tumatalima (bilang mga Muslim)."

قُلْ ءَامَنَّا بِٱللَّهِ وَمَآ أُنزِلَ عَلَيْنَا وَمَآ أُنزِلَ عَلَىٰٓ إِبْرَٰهِيمَ وَإِسْمَٰعِيلَ وَإِسْحَٰقَ وَيَعْقُوبَ وَٱلْأَسْبَاطِ وَمَآ أُوتِيَ مُوسَىٰ وَعِيسَىٰ وَٱلنَّبِيُّونَ مِن رَّبِّهِمْ لَا نُفَرِّقُ بَيْنَ أَحَدٍ مِّنْهُمْ وَنَحْنُ لَهُۥ مُسْلِمُونَ ﴿٨٤﴾

85. At sinuman ang maghanap ng ibang Relihiyon maliban sa Islam, ito ay hindi kailanman tatanggapin sa kanya, at sa Kabilang Buhay, siya ay isa sa mga talunan.

وَمَن يَبْتَغِ غَيْرَ ٱلْإِسْلَٰمِ دِينًا فَلَن يُقْبَلَ مِنْهُ وَهُوَ فِي ٱلْءَاخِرَةِ مِنَ ٱلْخَٰسِرِينَ ﴿٨٥﴾

86. Paano baga papatnubayan ni Allah ang mga tao na tumangging sumampalataya (kay Allah) matapos na sila ay manampalataya (sa Kanya), at matapos na sila ay magbigay-saksi na ang Sugo (Muhammad) ay katotohanan, at (matapos) ang maliliwanag na katibayan ay dumatal sa kanila? At si Allah ay hindi namamatnubay sa *Zalimun* (mga tampalasan at mapagsamba sa diyus-diyosan).

كَيْفَ يَهْدِي ٱللَّهُ قَوْمًا كَفَرُوا۟ بَعْدَ إِيمَٰنِهِمْ وَشَهِدُوٓا۟ أَنَّ ٱلرَّسُولَ حَقٌّ وَجَآءَهُمُ ٱلْبَيِّنَٰتُ ۗ وَٱللَّهُ لَا يَهْدِي ٱلْقَوْمَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٨٦﴾

87. Sila (yaon), ang kanilang (magiging) kabayaran, ay (sasapit) sa kanila ang Sumpa ni Allah, ng mga anghel, at lahat ng sangkatauhan.

أُو۟لَٰٓئِكَ جَزَآؤُهُمْ أَنَّ عَلَيْهِمْ لَعْنَةَ ٱللَّهِ وَٱلْمَلَٰٓئِكَةِ وَٱلنَّاسِ أَجْمَعِينَ ﴿٨٧﴾

88. Sila ay mananatili roon (sa Impiyerno). Ang kanilang kaparusahan ay hindi pagagaanin, gayundin naman, ito ay hindi aantalahin o ipagpapaliban (kahit na sa maigsing sandali),

خَٰلِدِينَ فِيهَا ۖ لَا يُخَفَّفُ عَنْهُمُ ٱلْعَذَابُ وَلَا هُمْ يُنظَرُونَ ﴿٨٨﴾

89. Maliban sa mga nagsisisi (nagbalik-loob kay Allah) matapos yaon at gumagawa ng kabutihan. Katotohanan, si Allah ay Lagi nang

إِلَّا ٱلَّذِينَ تَابُوا۟ مِنۢ بَعْدِ ذَٰلِكَ وَأَصْلَحُوا۟ فَإِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٨٩﴾

Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ بَعْدَ إِيمَٰنِهِمْ ثُمَّ ٱزْدَادُوا۟ كُفْرًا لَّن تُقْبَلَ تَوْبَتُهُمْ ۖ وَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلضَّآلُّونَ ﴿٩٠﴾

90. Katotohanan, ang mga hindi sumampalataya (kay Allah) matapos na sila ay manampalataya (sa Kanya) at pagkatapos ay patuloy na tumitindi ang kanilang kawalan ng pananampalataya (alalaong baga, hindi paniniwala sa Qur'an at kay Propeta Muhammad), kailanman ang kanilang pagsisisi ay hindi tatanggapin (sapagkat nagsisisi lamang sila sa kanilang dila, ngunit hindi mula sa kanilang puso). At sila ang mga nangaligaw (sa tuwid na Landas).

إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَمَاتُوا۟ وَهُمْ كُفَّارٌ فَلَن يُقْبَلَ مِنْ أَحَدِهِم مِّلْءُ ٱلْأَرْضِ ذَهَبًا وَلَوِ ٱفْتَدَىٰ بِهِۦٓ ۗ أُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ وَمَا لَهُم مِّن نَّٰصِرِينَ ﴿٩١﴾

91. Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya at namatay habang sila ay hindi nananampalataya, ang (buong) kalupaan na tigib ng ginto ay hindi tatanggapin kahit kaninuman mula sa kanila, kahit na ito ay (kanilang) ialay bilang isang pantubos. Para sa kanila ay isang kasakit-sakit na kaparusahan at sa kanila ay walang makatutulong.

لَن تَنَالُوا۟ ٱلْبِرَّ حَتَّىٰ تُنفِقُوا۟ مِمَّا تُحِبُّونَ ۚ وَمَا تُنفِقُوا۟ مِن شَىْءٍ فَإِنَّ ٱللَّهَ بِهِۦ عَلِيمٌ ﴿٩٢﴾

92. Sa anumang kaparaanan ay hindi ninyo maaabot ang *Al Birr* (kabanalan, katuwiran, ang ipinapakahulugan dito ay ang gantimpala ni Allah, ang Paraiso), maliban na gugulin ninyo (sa Kapakanan ni Allah) ang mga bagay na inyong minamahal; at anumang bagay na inyong gugulin, si Allah ay ganap na nakatatalos nito.

۞ كُلُّ ٱلطَّعَامِ كَانَ حِلًّا لِّبَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ إِلَّا مَا حَرَّمَ إِسْرَٰٓءِيلُ عَلَىٰ نَفْسِهِۦ مِن قَبْلِ أَن تُنَزَّلَ ٱلتَّوْرَىٰةُ ۗ قُلْ فَأْتُوا۟ بِٱلتَّوْرَىٰةِ فَٱتْلُوهَآ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿٩٣﴾

93. Ang lahat ng pagkain ay pinapayagan sa Angkan ng Israel, maliban kung ano ang ipinagbawal ni Israel (alalaong baga, si Propeta Hakob) sa kanyang sarili (bilang parusa dahilan sa kanilang paglabag), bago pa ang *Torah* (mga Batas) ay ipinahayag. Ipagbadya (O Muhammad): "Dalhin ninyo rito ang *Torah* (mga Batas) at dalitin ito, kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan (na ito ay ipinagbabawal sa inyo bilang parusa dahilan sa inyong pagsuway)."

فَمَنِ ٱفْتَرَىٰ عَلَى ٱللَّهِ ٱلْكَذِبَ مِنۢ بَعْدِ ذَٰلِكَ فَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلظَّٰلِمُونَ ﴿٩٤﴾

94. At kung sinuman ang kumatha ng kasinungalingan laban kay Allah pagkatapos nito, sila ay katiyakang *Zalimun* (mga hindi sumasampalataya).

قُلْ صَدَقَ ٱللَّهُ ۗ فَٱتَّبِعُوا۟ مِلَّةَ إِبْرَٰهِيمَ حَنِيفًا ۖ وَمَا كَانَ مِنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿٩٥﴾

95. Ipagbadya (O Muhammad): "Si Allah ay nagwika ng katotohanan; sundin ninyo ang pananampalataya ni Abraham na *Hanifa* (paniniwala sa Kaisahan ni Allah at Siya lamang ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba), at siya ay hindi isa sa *Al-Mushrikun* (mga pagano, mapagsamba sa maraming diyus-diyosan at hindi naniniwala sa Kaisahan ni Allah)".

إِنَّ أَوَّلَ بَيْتٍ وُضِعَ لِلنَّاسِ لَلَّذِى بِبَكَّةَ مُبَارَكًا وَهُدًى لِّلْعَٰلَمِينَ ﴿٩٦﴾

96. Katotohanan, ang unang Tahanan (ng pagsamba) na itinalaga sa sangkatauhan ay yaong sa Bakkah (Makkah), puspos ng biyaya, at isang patnubay sa lahat ng mga nilalang.

فِيهِ ءَايَٰتٌۢ بَيِّنَٰتٌ مَّقَامُ إِبْرَٰهِيمَ ۖ وَمَن دَخَلَهُۥ كَانَ ءَامِنًا ۗ وَلِلَّهِ عَلَى ٱلنَّاسِ حِجُّ ٱلْبَيْتِ مَنِ ٱسْتَطَاعَ إِلَيْهِ سَبِيلًا ۚ وَمَن كَفَرَ فَإِنَّ ٱللَّهَ غَنِىٌّ عَنِ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٩٧﴾

97. Sa loob nito ay may malinaw na mga Tanda (bilang halimbawa), ang *Maqam* (ang bahagi na tinindigan) ni Abraham; sinuman ang pumasok dito, siya ay magkakamit ng kapanatagan. Ang *Hajj* (Pilgrimahe sa Makkah) sa Tahanan *(Ka'ba)* ay isang tungkulin ng sangkatauhan para kay Allah, sa mga may kakayahang gumugol (sa sasakyan, pagkain at tirahan); at

sinuman ang hindi manampalataya (alalaong baga, ang tumalikod sa *Hajj* [Pilgrimahe sa Makkah]), kung gayon, siya ay hindi nananampalataya (kay Allah), at si Allah ay hindi nangangailangan ng tulong sa sinuman sa (Kanyang) mga nilalang.

98. Ipagbadya: "O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)! Bakit ninyo itinatakwil ang *Ayat* (mga katibayan, aral, kapahayagan, tanda, atbp.) ni Allah, habang si Allah ang Saksi sa inyong ginagawa?"

قُلْ يَٰٓأَهْلَ ٱلْكِتَٰبِ لِمَ تَكْفُرُونَ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ وَٱللَّهُ شَهِيدٌ عَلَىٰ مَا تَعْمَلُونَ ﴿٩٨﴾

99. Ipagbadya: "O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)! Bakit ninyo pinipigilan ang mga sumasampalataya tungo sa landas ni Allah, na (kayo) ay nagnanais na gawin itong baluktot, samantalang kayo (sa inyong sarili) ay saksi (kay Muhammad bilang isang Sugo ni Allah at sa Islam bilang relihiyon ni Allah)? At hindi nalilingid kay Allah ang inyong ginagawa."

قُلْ يَٰٓأَهْلَ ٱلْكِتَٰبِ لِمَ تَصُدُّونَ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ مَنْ ءَامَنَ تَبْغُونَهَا عِوَجًا وَأَنتُمْ شُهَدَآءُ ۗ وَمَا ٱللَّهُ بِغَٰفِلٍ عَمَّا تَعْمَلُونَ ﴿٩٩﴾

100. O kayong nagsisisampalataya! Kung kayo ay susunod sa isang pangkat ng mga pinagkalooban ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano), katotohanang kayo ay kanilang ibabalik sa kawalan ng pananalig matapos na kayo ay manampalataya!

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِن تُطِيعُوا۟ فَرِيقًا مِّنَ ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ يَرُدُّوكُم بَعْدَ إِيمَٰنِكُمْ كَٰفِرِينَ ﴿١٠٠﴾

101. At paano ba kayo magtatakwil sa pananampalataya, habang sa inyo ay dinadalit ang mga Talata ni Allah, at nasa lipon ninyo ang Kanyang Sugo (Muhammad)? At sinuman ang manangan nang matatag sa pananampalataya kay Allah, kung gayon, katiyakang siya ay tunay na napapatnubayan sa tamang landas.

وَكَيْفَ تَكْفُرُونَ وَأَنتُمْ تُتْلَىٰ عَلَيْكُمْ ءَايَٰتُ ٱللَّهِ وَفِيكُمْ رَسُولُهُۥ ۗ وَمَن يَعْتَصِم بِٱللَّهِ فَقَدْ هُدِىَ إِلَىٰ صِرَٰطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿١٠١﴾

102. O kayong nagsisisampalataya! Pangambahan ninyo si Allah (sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang ipinagbabawal) kung paano Siya nararapat na pangambahan. (Sundin ninyo Siya, magbigay ng pasasalamat sa Kanya at lagi Siyang alalahanin), at huwag (hayaang kayo) ay pumanaw maliban na kayo ay nasa katayuan ng Islam (bilang mga Muslim) na may ganap na pagtalima kay Allah.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِۦ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴿١٠٢﴾

وَٱعْتَصِمُوا۟ بِحَبْلِ ٱللَّهِ جَمِيعًا وَلَا تَفَرَّقُوا۟ ۚ وَٱذْكُرُوا۟ نِعْمَتَ ٱللَّهِ عَلَيْكُمْ إِذْ كُنتُمْ أَعْدَآءً فَأَلَّفَ بَيْنَ قُلُوبِكُمْ فَأَصْبَحْتُم بِنِعْمَتِهِۦٓ إِخْوَٰنًا وَكُنتُمْ عَلَىٰ شَفَا حُفْرَةٍ مِّنَ ٱلنَّارِ فَأَنقَذَكُم مِّنْهَا ۗ كَذَٰلِكَ يُبَيِّنُ ٱللَّهُ لَكُمْ ءَايَٰتِهِۦ لَعَلَّكُمْ تَهْتَدُونَ ﴿١٠٣﴾

103. At kayo ay manangan nang mahigpit, lahat kayo nang sama-sama, sa Lubid ni Allah (alalaong baga, sa Qur'an), at huwag kayong maging magkakahiwalay sa isa't isa, at inyong alalahanin ang biyaya ni Allah sa inyo sapagka't kayo noon ay magkakaaway at Kanyang pinag-isa ang inyong puso na magkakasama, at sa pamamagitan ng Kanyang biyaya ay naging magkakapatid kayo (sa pananampalatayang Islam), at kayo ay nasa bingit na ng Hukay ng Apoy, at Kanyang iniligtas kayo rito. Sa ganito ay ginagawa ni Allah ang Kanyang *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) na maging maliwanag sa inyo upang kayo ay mapatnubayan.

وَلْتَكُن مِّنكُمْ أُمَّةٌ يَدْعُونَ إِلَى ٱلْخَيْرِ وَيَأْمُرُونَ بِٱلْمَعْرُوفِ وَيَنْهَوْنَ عَنِ ٱلْمُنكَرِ ۚ وَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْمُفْلِحُونَ ﴿١٠٤﴾

104. Hayaang may tumindig mula sa lipon ninyo na isang pangkat na nag-aanyaya sa lahat ng mabuti (Islam), na nagtatagubilin ng *Al Ma'ruf* (ang pagsampalataya sa Kaisahan ni Allah, at lahat ng mga ipinag-utos ni Allah na dapat gawin) at nagbabawal sa *Al Munkar* (pagsamba sa maraming diyus-diyosan, kawalan ng pananalig at lahat ng ipinagbabawal sa Islam). At sila ang magsisipagtagumpay.

وَلَا تَكُونُوا۟ كَٱلَّذِينَ تَفَرَّقُوا۟ وَٱخْتَلَفُوا۟ مِنۢ بَعْدِ مَا جَآءَهُمُ ٱلْبَيِّنَٰتُ ۚ وَأُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمْ عَذَابٌ عَظِيمٌ ﴿١٠٥﴾

105. At huwag kayong matulad sa mga naghihiwa-hiwalay at may pagkakasalungatan sa kanilang sarili matapos ang maliwanag na katibayan ay dumatal sa kanila. At sila ay parurusahan ng napakatinding kaparusahan.

يَوْمَ تَبْيَضُّ وُجُوهٌ وَتَسْوَدُّ وُجُوهٌ ۚ فَأَمَّا ٱلَّذِينَ ٱسْوَدَّتْ وُجُوهُهُمْ أَكَفَرْتُم بَعْدَ إِيمَٰنِكُمْ فَذُوقُوا۟ ٱلْعَذَابَ بِمَا كُنتُمْ تَكْفُرُونَ ﴿١٠٦﴾

106. Sa Araw na ito (Araw ng Muling Pagkabuhay), ang ilang mga mukha ay magiging maputi (masaya) at ang ilang mukha ay magiging maitim (malungkot); at sa kanila na ang mukha ay maiitim (sa kanila ay ipagbabadya): "Kayo ba ay nagtakwil ng pananampalataya matapos na ito ay inyong tanggapin? Kung gayon, inyong lasapin ang kaparusahan (sa Impiyerno) dahilan sa (inyong) pagtakwil sa Pananampalataya."

وَأَمَّا ٱلَّذِينَ ٱبْيَضَّتْ وُجُوهُهُمْ فَفِى رَحْمَةِ ٱللَّهِ ۖ هُمْ فِيهَا خَٰلِدُونَ ﴿١٠٧﴾

107. At sa kanila na ang mukha ay magiging maputi (masaya), sila ay hahantong sa Habag ni Allah (Paraiso), sila ay mananahan dito magpakailanman.

تِلْكَ ءَايَٰتُ ٱللَّهِ نَتْلُوهَا عَلَيْكَ بِٱلْحَقِّ ۗ وَمَا ٱللَّهُ يُرِيدُ ظُلْمًا لِّلْعَٰلَمِينَ ﴿١٠٨﴾

108. Ito ang mga Talata ni Allah; dinalit Namin ito sa iyo (O Muhammad) sa katotohanan, at si Allah ay hindi nagnanais ng kawalang-katarungan sa mga nilalang.

وَلِلَّهِ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ ۚ وَإِلَى ٱللَّهِ تُرْجَعُ ٱلْأُمُورُ ﴿١٠٩﴾

109. At si Allah ang nag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at ng lahat ng nasa kalupaan. At ang lahat ng bagay ay magbabalik kay Allah (upang pagpasyahan).

كُنتُمْ خَيْرَ أُمَّةٍ أُخْرِجَتْ لِلنَّاسِ تَأْمُرُونَ بِٱلْمَعْرُوفِ وَتَنْهَوْنَ عَنِ ٱلْمُنكَرِ وَتُؤْمِنُونَ بِٱللَّهِ ۗ وَلَوْ ءَامَنَ أَهْلُ ٱلْكِتَٰبِ لَكَانَ خَيْرًا لَّهُم ۚ مِّنْهُمُ ٱلْمُؤْمِنُونَ وَأَكْثَرُهُمُ ٱلْفَٰسِقُونَ ﴿١١٠﴾

110. Kayo (na tunay na naniniwala sa Kaisahan ni Allah at sumusunod kay Propeta Muhammad at sa kanyang mga gawa) ang pinakamainam sa lahat ng mga tao na nilikha sa (lipon) ng sangkatauhan; kayo ay nagtatagubilin ng *Al-Ma'ruf* (paniniwala sa Kaisahan ni Allah at sa lahat ng ipinag-uutos ng Islam) at nagbabawal sa *Al-Munkar* (paniniwala sa maraming diyus-diyosan, kawalan ng pananalig, at sa lahat ng ipinagbabawal sa Islam), at kayo ay sumasampalataya kay Allah. At kung ang Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ay sumampalataya lamang, ito (sana) ay higit na mabuti para sa kanila; sa lipon nila ay may ilan na may pananalig, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay *Al-Fasiqun* (palasuway kay Allah at mapaghimagsik laban sa kautusan ni Allah).

لَن يَضُرُّوكُمْ إِلَّآ أَذًى ۖ وَإِن يُقَٰتِلُوكُمْ يُوَلُّوكُمُ ٱلْأَدْبَارَ ثُمَّ لَا يُنصَرُونَ ﴿١١١﴾

111. Sila (*Al-Fasiqun*) ay hindi makagagawa sa inyo ng kasahulan (kapinsalaan), maliban sa walang saysay na pang-iinis; at kung sila ay lumalaban sa inyo, ay ipakikita nila ang kanilang likuran sa pagtakbo, at sila ay hindi tutulungan laban sa inyo.

ضُرِبَتْ عَلَيْهِمُ ٱلذِّلَّةُ أَيْنَ مَا ثُقِفُوٓا۟ إِلَّا بِحَبْلٍ مِّنَ ٱللَّهِ وَحَبْلٍ مِّنَ ٱلنَّاسِ وَبَآءُو بِغَضَبٍ مِّنَ ٱللَّهِ وَضُرِبَتْ عَلَيْهِمُ ٱلْمَسْكَنَةُ ۚ ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ كَانُوا۟ يَكْفُرُونَ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ وَيَقْتُلُونَ ٱلْأَنۢبِيَآءَ بِغَيْرِ حَقٍّ ۚ ذَٰلِكَ بِمَا عَصَوا۟ وَّكَانُوا۟ يَعْتَدُونَ ﴿١١٢﴾

112. Ang kawalang-dangal ay inilapat sa kanila kahit saan man sila nararoroon, maliban kung sila ay nasa ilalim ng kasunduan (ng pangangalaga) mula kay Allah, at mula sa mga tao; sila ang humatak tungo sa kanilang sarili ng Poot ni Allah, at ang pagkawasak ay inilapat sa kanila. Ito'y sa dahilang sila ay hindi nanampalataya sa *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) ni Allah at pinapatay nila ang mga Propeta ng walang katarungan. Ito'y sa dahilang

sinuway nila (si Allah) at nahirati sila sa paglabag sa mga hangganan (ang pagsuway kay Allah; mga krimen at kasalanan).

۞ لَيْسُوا۟ سَوَآءً ۗ مِّنْ أَهْلِ ٱلْكِتَٰبِ أُمَّةٌ قَآئِمَةٌ يَتْلُونَ ءَايَٰتِ ٱللَّهِ ءَانَآءَ ٱلَّيْلِ وَهُمْ يَسْجُدُونَ ﴿١١٣﴾

113. Hindi lahat sila ay magkakatulad; ang isang pangkat ng Angkan ng Kasulatan ay tumitindig sa katuwiran (sa paniniwala at pagtanggap kay Propeta Muhammad), sila ay dumadalit ng mga Talata ni Allah sa mga sandali ng gabi, at nagpapatirapa sa kanilang sarili sa *Salah* (takdang pagdarasal).

يُؤْمِنُونَ بِٱللَّهِ وَٱلْيَوْمِ ٱلْءَاخِرِ وَيَأْمُرُونَ بِٱلْمَعْرُوفِ وَيَنْهَوْنَ عَنِ ٱلْمُنكَرِ وَيُسَٰرِعُونَ فِى ٱلْخَيْرَٰتِ ۖ وَأُو۟لَٰٓئِكَ مِنَ ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿١١٤﴾

114. Sila ay nananampalataya kay Allah at sa Huling Araw; sila ay nagtatagubilin ng *Al-Ma'ruf* (paniniwala sa Kaisahan ni Allah at pagsunod kay Propeta Muhammad) at nagbabawal sa *Al-Munkar* (pagsamba sa maraming diyus-diyosan, kawalan ng paniniwala at pagtutol kay Propeta Muhammad); at sila ay nagmamadali (sa lahat) ng mabubuting gawa; at sila ay kabilang sa mga matutuwid.

وَمَا يَفْعَلُوا۟ مِنْ خَيْرٍ فَلَن يُكْفَرُوهُ ۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌۢ بِٱلْمُتَّقِينَ ﴿١١٥﴾

115. At anumang mabuti ang kanilang gawin, walang anuman ang tatanggihan sa mga ito, at batid ni Allah kung sino ang *Al Muttaqun* (mga matimtiman, matutuwid, mabubuting mananampalataya).

إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لَن تُغْنِىَ عَنْهُمْ أَمْوَٰلُهُمْ وَلَآ أَوْلَٰدُهُم مِّنَ ٱللَّهِ شَيْـًٔا ۖ وَأُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلنَّارِ ۖ هُمْ فِيهَا خَٰلِدُونَ ﴿١١٦﴾

116. Katotohanan, ang mga nagtatakwil ng Pananampalataya (hindi sumasampalataya kay Muhammad bilang Sugo ni Allah at lahat ng kanyang dinala mula kay Allah), ang kanilang mga ari-arian gayundin ang kanilang mga anak ay walang maibibigay na kapakinabangan laban kay Allah. At sila ay magsisipanirahan sa Apoy, dito sila ay mananatili.

مَثَلُ مَا يُنفِقُونَ فِى هَٰذِهِ ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا كَمَثَلِ رِيحٍ فِيهَا صِرٌّ أَصَابَتْ حَرْثَ قَوْمٍ ظَلَمُوٓا۟ أَنفُسَهُمْ فَأَهْلَكَتْهُ ۚ وَمَا ظَلَمَهُمُ ٱللَّهُ وَلَٰكِنْ أَنفُسَهُمْ يَظْلِمُونَ ﴿١١٧﴾

117. Ang kahalintulad ng kanilang ginugugol sa mundong ito (para sa materyal na bagay o huwad na kawanggawa) ay katulad ng hangin na lubhang malamig; ito ay humaplit (at nagwasak) sa ani (o inani) ng mga tao na gumawa ng kamalian sa kanilang sarili at puminsala nito (alalaong baga, ang mabuting gawa ng isang tao ay tatanggapin lamang kung siya ay naniniwala sa Kaisahan ni Allah at sa lahat ng mga propeta, kasama na si Hesukristo at

Muhammad). Sila ay hindi inapi ni Allah, datapuwa't sila ang gumawa ng kaapihan sa kanilang sarili.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ لَا تَتَّخِذُواْ بِطَانَةً مِّن دُونِكُمْ لَا يَأْلُونَكُمْ خَبَالًا وَدُّواْ مَا عَنِتُّمْ قَدْ بَدَتِ ٱلْبَغْضَآءُ مِنْ أَفْوَٰهِهِمْ ۖ وَمَا تُخْفِى صُدُورُهُمْ أَكْبَرُ ۚ قَدْ بَيَّنَّا لَكُمُ ٱلْءَايَٰتِ ۖ إِن كُنتُمْ تَعْقِلُونَ ﴿١١٨﴾

118. O kayong nagsisisampalataya! Huwag ninyong kunin bilang *Bitanah* (tagapayo, tagapangalaga, tagatangkilik, kaibigan) ang mga nasa labas ng inyong pananampalataya (mga pagano, Hudyo, Kristiyano at *Munafik* [mapagkunwari]), sapagka't sila ay hindi titigil na gawin ang kanilang makakaya upang kayo ay pasamain. Sila ay nagnanais na bigyan kayo ng matinding kapinsalaan. Ang pagkamuhi ay ganap nang sumilay sa kanilang bibig, subalit ang inililingid ng kanilang dibdib ay higit na masama. Katiyakan, Aming ginawa na malinaw sa inyo ang *Ayat* (mga kapahayagan, aral, katibayan, tanda), kung kayo ay nakakaunawa.

هَٰٓأَنتُمْ أُولَآءِ تُحِبُّونَهُمْ وَلَا يُحِبُّونَكُمْ وَتُؤْمِنُونَ بِٱلْكِتَٰبِ كُلِّهِۦ ۖ وَإِذَا لَقُوكُمْ قَالُوٓاْ ءَامَنَّا وَإِذَا خَلَوْاْ عَضُّواْ عَلَيْكُمُ ٱلْأَنَامِلَ مِنَ ٱلْغَيْظِ ۚ قُلْ مُوتُواْ بِغَيْظِكُمْ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ عَلِيمٌۢ بِذَاتِ ٱلصُّدُورِ ﴿١١٩﴾

119. Ah! Kayo ang mga nagmamahal sa kanila datapuwa't sila ay hindi nagmamahal sa inyo at kayo ay naniniwala sa lahat ng mga Kasulatan (alalaong baga, kayo ay naniniwala sa *Torah* [mga Batas] at Ebanghelyo, samantalang sila ay hindi naniniwala sa inyong Aklat, ang Qur'an). At kung sila ay makadaupang-palad ninyo, sila ay nagsasabi (ng pagkukunwari), "Kami ay sumasampalataya". Subalit kung sila ay nag-iisa, kanilang kinakagat ang dulo ng kanilang daliri dahil sa galit sa inyo. Ipagbadya: "Kayo ay magpakamatay sa inyong galit." Katiyakang batid ni Allah kung ano ang (lahat ng lihim) na nasa dibdib.

إِن تَمْسَسْكُمْ حَسَنَةٌ تَسُؤْهُمْ ۖ وَإِن تُصِبْكُمْ سَيِّئَةٌ يَفْرَحُواْ بِهَا ۖ وَإِن تَصْبِرُواْ وَتَتَّقُواْ لَا يَضُرُّكُمْ كَيْدُهُمْ شَيْـًٔا ۗ إِنَّ ٱللَّهَ بِمَا يَعْمَلُونَ مُحِيطٌ ﴿١٢٠﴾

120. At kung ang mabuting bagay ay mangyari sa inyo, ito ay nakapagpapalumbay sa kanila, datapuwa't kung ang ilang kasamaan ay manaig sa inyo, sila ay natutuwa rito. Ngunit kung kayo ay mananatiling matiyaga (matatag) at maging *Al Muttaqun* (mga matimtiman, matutuwid, mababuting mananampalataya), wala ni isa mang katiting na kapinsalaan ang magagawa ng kanilang katusuhan sa inyo. Katotohanang si Allah ang nakatatalos ng lahat nilang ginagawa.

وَإِذْ غَدَوْتَ مِنْ أَهْلِكَ تُبَوِّئُ ٱلْمُؤْمِنِينَ

121. At (gunitain) nang ikaw (O Muhammad) ay lumisan sa iyong pamamahay nang (isang)

مَقَـٰعِدَ لِلْقِتَالِ ۗ وَٱللَّهُ سَمِيعٌ عَلِيمٌ ﴿١٢١﴾

umaga upang italaga ang mga sumasampalataya sa kanilang puwesto sa digmaan (ng Uhud). At si Allah ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Nakakaalam,

إِذْ هَمَّت طَّآئِفَتَانِ مِنكُمْ أَن تَفْشَلَا وَٱللَّهُ وَلِيُّهُمَا ۗ وَعَلَى ٱللَّهِ فَلْيَتَوَكَّلِ ٱلْمُؤْمِنُونَ ﴿١٢٢﴾

122. Nang ang dalawang pangkat sa lipon ninyo ay malapit na sanang mawalan ng katapangan (sa pakikipaglaban), subalit si Allah ang kanilang naging *Wali* (Tagatangkilik at Tagapangalaga). At kay Allah dapat magtiwala ang mga sumasampalataya.

وَلَقَدْ نَصَرَكُمُ ٱللَّهُ بِبَدْرٍ وَأَنتُمْ أَذِلَّةٌ ۖ فَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ لَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ ﴿١٢٣﴾

123. At si Allah ang tumulong sa inyo upang magtagumpay sa Badr, nang kayo ay isa pang mahina at maliit na puwersa. Kaya't lubha ninyong pangambahan si Allah (umiwas sa lahat ng uri ng kasalanan at kasamaan na Kanyang ipinagbabawal at higit ninyong mahalin si Allah sa paggawa ng lahat ng uri ng mabuti na Kanyang ipinag-uutos) upang kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat.

إِذْ تَقُولُ لِلْمُؤْمِنِينَ أَلَن يَكْفِيَكُمْ أَن يُمِدَّكُمْ رَبُّكُم بِثَلَـٰثَةِ ءَالَـٰفٍ مِّنَ ٱلْمَلَـٰٓئِكَةِ مُنزَلِينَ ﴿١٢٤﴾

124. (Gunitain) nang ikaw (O Muhammad) ay magbadya sa mga sumasampalataya, "Hindi pa ba sapat sa inyo na ang inyong Panginoon (Allah) ay nangyaring tumulong sa inyo (sa pamamagitan) ng tatlong libong anghel na (Kanyang) ipinadala?"

بَلَىٰٓ ۚ إِن تَصْبِرُوا۟ وَتَتَّقُوا۟ وَيَأْتُوكُم مِّن فَوْرِهِمْ هَـٰذَا يُمْدِدْكُمْ رَبُّكُم بِخَمْسَةِ ءَالَـٰفٍ مِّنَ ٱلْمَلَـٰٓئِكَةِ مُسَوِّمِينَ ﴿١٢٥﴾

125. "Tunay nga, kung kayo ay mananatiling matiyaga at matuwid, at ang kaaway ay lumusob sa inyo; ang inyong Panginoon ay tutulong sa inyo (sa pamamagitan) ng limang libong anghel na may tatak (ng pagiging katangi-tangi) ang kanilang mga kabayo."

وَمَا جَعَلَهُ ٱللَّهُ إِلَّا بُشْرَىٰ لَكُمْ وَلِتَطْمَئِنَّ قُلُوبُكُم بِهِۦ ۚ وَمَا ٱلنَّصْرُ إِلَّا مِنْ عِندِ ٱللَّهِ ٱلْعَزِيزِ ٱلْحَكِيمِ ﴿١٢٦﴾

126. Hindi ito ginawa ni Allah maliban sa isang mensahe ng mabuting balita sa inyo at bilang isang kapanatagan sa inyong puso. At walang tagumpay malibang nagmula kay Allah, ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan,

لِيَقْطَعَ طَرَفًا مِّنَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ أَوْ يَكْبِتَهُمْ فَيَنقَلِبُوا۟ خَآئِبِينَ ﴿١٢٧﴾

127. Upang maputol (mapatay) ang isang bahagi ng hindi sumasampalataya, o mailantad sila sa kapighatian na sila ay umurong na bigo.

لَيْسَ لَكَ مِنَ ٱلْأَمْرِ شَىْءٌ أَوْ يَتُوبَ عَلَيْهِمْ أَوْ

128. Ikaw (O Muhammad) ay walang kapangyarihan (sa mga hindi sumasampalataya),

ngunit nasa kay Allah ang pagpapasya; maaaring Siya ay magbigay ng habag (upang patawarin) sila o parusahan sila; katotohanang sila ay *Zalimun* (mga tampalasan, buhong, buktot, mapagsamba sa diyus-diyosan).

يُعَذِّبَهُمْ فَإِنَّهُمْ ظَٰلِمُونَ ﴿١٢٨﴾

129. At si Allah ang nag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan. Kanyang pinatatawad ang Kanyang maibigan at nagpaparusa sa Kanyang maibigan. At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَلِلَّهِ مَا فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِي ٱلْأَرْضِ ۗ يَغْفِرُ لِمَن يَشَآءُ وَيُعَذِّبُ مَن يَشَآءُ ۗ وَٱللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١٢٩﴾

130. O kayong nagsisisampalataya! Huwag kayong magkamal (kumain) ng *Riba* (ang patubo sa salapi, o interes) ng dalawang ulit at patong-patong, datapuwa't pangambahan (ninyo) si Allah upang kayo ay maging matagumpay.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَأْكُلُوا۟ ٱلرِّبَوٰٓا۟ أَضْعَٰفًا مُّضَٰعَفَةً ۖ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ لَعَلَّكُمْ تُفْلِحُونَ ﴿١٣٠﴾

131. At katakutan ninyo ang Apoy, na inihanda sa mga hindi sumasampalataya.

وَٱتَّقُوا۟ ٱلنَّارَ ٱلَّتِىٓ أُعِدَّتْ لِلْكَٰفِرِينَ ﴿١٣١﴾

132. At sundin si Allah at ang (Kanyang) Sugo (Muhammad) upang kayo ay magkamit ng habag.

وَأَطِيعُوا۟ ٱللَّهَ وَٱلرَّسُولَ لَعَلَّكُمْ تُرْحَمُونَ ﴿١٣٢﴾

133. At maging maagap sa pag-uunahan (magmadali) tungo sa kapatawaran ni Allah, at sa Paraiso na kasinglawak ng kalangitan at ng kalupaan na inihanda sa *Al-Muttaqun* (mga matimtiman, mabubuti, matutuwid na mananampalataya).

۞ وَسَارِعُوٓا۟ إِلَىٰ مَغْفِرَةٍ مِّن رَّبِّكُمْ وَجَنَّةٍ عَرْضُهَا ٱلسَّمَٰوَٰتُ وَٱلْأَرْضُ أُعِدَّتْ لِلْمُتَّقِينَ ﴿١٣٣﴾

134. Ang mga gumugugol (sa Kapakanan ni Allah; mga gawang kawanggawa, limos at tulong) sa kasaganaan at kahirapan, at nagtitimpi ng galit at nagpapatawad ng mga tao; katotohanang si Allah ay nagmamahal sa mga gumagawa ng kabutihan.

ٱلَّذِينَ يُنفِقُونَ فِي ٱلسَّرَّآءِ وَٱلضَّرَّآءِ وَٱلْكَٰظِمِينَ ٱلْغَيْظَ وَٱلْعَافِينَ عَنِ ٱلنَّاسِ ۗ وَٱللَّهُ يُحِبُّ ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿١٣٤﴾

135. At yaong (mga tao) na kung sila ay nakagawa ng *Fahisha* (matinding kasalanan tulad ng pangangalunya o pakikiapid, atbp.) o nagpalungi ng kanilang sarili sa kasamaan, ay nakakaala-ala kay Allah at humihingi ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan; – at sino pa ba kaya ang magpapatawad ng mga kasalanan maliban kay Allah? – At hindi nagpupumilit na ipagpatuloy ang kamalian na

وَٱلَّذِينَ إِذَا فَعَلُوا۟ فَٰحِشَةً أَوْ ظَلَمُوٓا۟ أَنفُسَهُمْ ذَكَرُوا۟ ٱللَّهَ فَٱسْتَغْفَرُوا۟ لِذُنُوبِهِمْ وَمَن يَغْفِرُ ٱلذُّنُوبَ إِلَّا ٱللَّهُ وَلَمْ يُصِرُّوا۟ عَلَىٰ مَا فَعَلُوا۟ وَهُمْ يَعْلَمُونَ ﴿١٣٥﴾

kanilang nagawa, at ito'y kanilang nababatid.

أُولَٰئِكَ جَزَآؤُهُم مَّغْفِرَةٌ مِّن رَّبِّهِمْ وَجَنَّٰتٌ تَجْرِي مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَا ۚ وَنِعْمَ أَجْرُ ٱلْعَٰمِلِينَ ﴿١٣٦﴾

136. Sa ganito, ang kanilang gantimpala ay Kapatawaran mula sa kanilang Panginoon, at mga Halamanan na sa ibaba nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), sila ay mananatili rito magpakailanman. Tunay na napakainam ang ganitong gantimpala sa mga gumagawa (at nagsisikap sa kabutihan ng ayon sa pag-uutos ni Allah).

قَدْ خَلَتْ مِن قَبْلِكُمْ سُنَنٌ فَسِيرُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ فَٱنظُرُوا۟ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلْمُكَذِّبِينَ ﴿١٣٧﴾

137. Maraming mga katulad na pamamaraan sa buhay (pagsubok o kahirapan) ang nakaharap ng mga bansa (na sumasampalataya at hindi sumasampalataya), na nagsipanaw na nang una pa sa inyo (katulad ng inyong nakaharap sa Uhud), kaya't magsipaglakbay sa kalupaan at pagmasdan kung ano ang kinasapitan ng mga hindi nagsisampalataya (sa Kaisahan ni Allah, sumuway sa Kanya at sa Kanyang mga Sugo).

هَٰذَا بَيَانٌ لِّلنَّاسِ وَهُدًى وَمَوْعِظَةٌ لِّلْمُتَّقِينَ ﴿١٣٨﴾

138. Ito (ang Qur'an) ay isang maliwanag na pangungusap sa sangkatauhan, isang patnubay at pagtuturo sa mga tao na *Al-Muttaqun* (mga matimtiman, matuwid at mabuting mananampalataya).

وَلَا تَهِنُوا۟ وَلَا تَحْزَنُوا۟ وَأَنتُمُ ٱلْأَعْلَوْنَ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ﴿١٣٩﴾

139. At huwag kayong maging mahina (laban sa inyong kaaway), at huwag ding malumbay, kayo ay mangunguna (sa tagumpay) kung katotohanan na kayo ay (tunay) na sumasampalataya.

إِن يَمْسَسْكُمْ قَرْحٌ فَقَدْ مَسَّ ٱلْقَوْمَ قَرْحٌ مِّثْلُهُۥ ۚ وَتِلْكَ ٱلْأَيَّامُ نُدَاوِلُهَا بَيْنَ ٱلنَّاسِ وَلِيَعْلَمَ ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَيَتَّخِذَ مِنكُمْ شُهَدَآءَ ۗ وَٱللَّهُ لَا يُحِبُّ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿١٤٠﴾

140. Kung ang sugat (o pamamatay) ay sumapit sa inyo, tiyakin ninyo na ang katulad na sugat (o pamamatay) ay sumapit din sa inyong mga kaaway. At gayundin, ang mga araw (na mabuti at hindi lubhang mabuti) ay Aming ibinigay sa mga tao nang halinhinan, upang masubukan ni Allah ang mga sumasampalataya at upang Kanyang matipon ang mga martir mula sa inyong lipon. At si Allah ay hindi nalulugod sa *Zalimun* (mga buhong, buktot, tampalasan, mapagsamba sa diyus-diyosan).

وَلِيُمَحِّصَ ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَيَمْحَقَ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿١٤١﴾

141. At upang masubukan ni Allah (o mapadalisay) ang mga sumasampalataya (sa kanilang kasalanan) at mawasak ang mga hindi sumasampalataya.

أَمْ حَسِبْتُمْ أَن تَدْخُلُوا۟ ٱلْجَنَّةَ وَلَمَّا يَعْلَمِ ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ جَٰهَدُوا۟ مِنكُمْ وَيَعْلَمَ ٱلصَّٰبِرِينَ ﴿١٤٢﴾

142. Napag-aakala ba ninyo na kayo ay makakapasok sa Paraiso bago pa man masubukan ni Allah ang sinuman sa inyo na nakipaglaban (sa Kanyang Kapakanan) at (gayundin) ay Kanyang masubukan sila na nanatiling matiyaga?

وَلَقَدْ كُنتُمْ تَمَنَّوْنَ ٱلْمَوْتَ مِن قَبْلِ أَن تَلْقَوْهُ فَقَدْ رَأَيْتُمُوهُ وَأَنتُمْ تَنظُرُونَ ﴿١٤٣﴾

143. Katiyakang kayo ay nagnais ng kamatayan (pagiging martir) bago ito ay inyong nakaharap (sa Uhud). Ngayon, ito ay inyong napagmalas nang lantaran sa inyong sariling mga mata (kaya't kayo ay makipaglaban at huwag tumalikod nang patakbo).

وَمَا مُحَمَّدٌ إِلَّا رَسُولٌ قَدْ خَلَتْ مِن قَبْلِهِ ٱلرُّسُلُ ۚ أَفَإِيْن مَّاتَ أَوْ قُتِلَ ٱنقَلَبْتُمْ عَلَىٰٓ أَعْقَٰبِكُمْ ۚ وَمَن يَنقَلِبْ عَلَىٰ عَقِبَيْهِ فَلَن يَضُرَّ ٱللَّهَ شَيْـًٔا ۗ وَسَيَجْزِى ٱللَّهُ ٱلشَّٰكِرِينَ ﴿١٤٤﴾

144. Si Muhammad ay hindi hihigit pa sa isang Sugo, at katotohanang (marami) ng Sugo ang pumanaw nang una pa sa kanya. Kung siya ay namatay o napatay, kayo ba ay tatalikod sa inyong mga sakong (bilang hindi nananampalataya)? At siya na tumatalikod sa kanyang sakong, walang anumang katiting na kapinsalaan ang magagawa niya (laban) kay Allah, at si Allah ang magbibigay ng gantimpala sa mga may damdamin ng pasasalamat.

وَمَا كَانَ لِنَفْسٍ أَن تَمُوتَ إِلَّا بِإِذْنِ ٱللَّهِ كِتَٰبًا مُّؤَجَّلًا ۗ وَمَن يُرِدْ ثَوَابَ ٱلدُّنْيَا نُؤْتِهِۦ مِنْهَا ۖ وَمَن يُرِدْ ثَوَابَ ٱلْءَاخِرَةِ نُؤْتِهِۦ مِنْهَا ۚ وَسَنَجْزِى ٱلشَّٰكِرِينَ ﴿١٤٥﴾

145. At walang sinuman ang maaaring mamatay maliban kung kapahintulutan ito ni Allah at sa natataningang araw. At sinuman ang maghangad ng gantimpala sa mundong (ito), Aming ipagkakaloob ito sa kanya; at sinumang maghangad ng gantimpala sa Kabilang Buhay, Aming ipagkakaloob ito sa kanya. At Aming gagantimpalaan ang mga may pagtanaw ng utang na loob.

وَكَأَيِّن مِّن نَّبِيٍّ قَٰتَلَ مَعَهُۥ رِبِّيُّونَ كَثِيرٌ ۚ فَمَا وَهَنُوا۟ لِمَآ أَصَابَهُمْ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ وَمَا ضَعُفُوا۟ وَمَا ٱسْتَكَانُوا۟ ۗ وَٱللَّهُ يُحِبُّ ٱلصَّٰبِرِينَ ﴿١٤٦﴾

146. At marami sa lipon ng mga propeta ang nakipaglaban (sa Kapakanan ni Allah); at ang kanyang mga kasama (na nakipaglaban) ay malaking pangkat ng relihiyoso at maalam na kalalakihan. Ngunit sila ay hindi kailanman nawalan ng pag-asa (at kasiguruhan) kung sila man ay abutin ng pangamba (at kasahulan) tungo sa Kapakanan ni Allah, at sila ay hindi pinanghinaan ng loob. At si Allah ay nagmamahal sa mga matitiyaga.

وَمَا كَانَ قَوْلَهُمْ إِلَّآ أَن قَالُوا۟ رَبَّنَا ٱغْفِرْ لَنَا

147. At sila ay hindi nagsasabi ng anuman

maliban sa: "Aming Panginoon! Patawarin Ninyo ang aming mga kasalanan at ang aming paglabag (sa mga tungkulin namin sa Inyo), patatagin Ninyo ang aming mga paa at Inyong pagkalooban kami ng tagumpay laban sa mga hindi nananampalataya."

ذُنُوبَنَا وَإِسْرَافَنَا فِيٓ أَمْرِنَا وَثَبِّتْ أَقْدَامَنَا وَٱنصُرْنَا عَلَى ٱلْقَوْمِ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿١٤٧﴾

148. Kaya't ibinigay ni Allah sa kanila ang gantimpala sa mundong ito at ang pinakamainam na gantimpala sa Kabilang Buhay. At si Allah ay nagmamahal sa mga gumagawa ng kabutihan.

فَـَٔاتَىٰهُمُ ٱللَّهُ ثَوَابَ ٱلدُّنْيَا وَحُسْنَ ثَوَابِ ٱلْـَٔاخِرَةِ ۗ وَٱللَّهُ يُحِبُّ ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿١٤٨﴾

149. O kayong nagsisisampalataya! Kung kayo ay susunod sa mga hindi sumasampalataya, kayo ay kanilang ibabalik sa inyong mga sakong, at kayo ay tatalikod (sa pananampalataya) bilang mga talunan.

يَـٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِن تُطِيعُوا۟ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ يَرُدُّوكُمْ عَلَىٰٓ أَعْقَـٰبِكُمْ فَتَنقَلِبُوا۟ خَـٰسِرِينَ ﴿١٤٩﴾

150. Datapuwa't si Allah ang inyong *Maula* (Patron, Panginoon, Kapanalig, Tagapangalaga), at Siya ang Pinakamagaling (Pinakamahusay) sa lahat ng mga tumutulong.

بَلِ ٱللَّهُ مَوْلَىٰكُمْ ۖ وَهُوَ خَيْرُ ٱلنَّـٰصِرِينَ ﴿١٥٠﴾

151. Kami (Allah) ay maghahasik ng lagim (takot) sa puso ng mga hindi sumasampalataya sapagka't sila ay nagtambal ng iba pa sa pagsamba kay Allah; na wala Siyang ibinigay na katibayan (pahintulot) tungkol dito, at ang kanilang tirahan ay Apoy, at napakasama ang tirahan ng *Zalimun* (mga buhong, buktot, tampalasan, mapagsamba sa diyus-diyosan).

سَنُلْقِى فِى قُلُوبِ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ ٱلرُّعْبَ بِمَآ أَشْرَكُوا۟ بِٱللَّهِ مَا لَمْ يُنَزِّلْ بِهِۦ سُلْطَـٰنًا ۖ وَمَأْوَىٰهُمُ ٱلنَّارُ ۖ وَبِئْسَ مَثْوَى ٱلظَّـٰلِمِينَ ﴿١٥١﴾

152. At katiyakang tinupad ni Allah ang Kanyang pangako sa inyo (sa Uhud) habang sila (na inyong kaaway) ay inyong pinapatay sa Kanyang pahintulot; hanggang (sa sandaling) kayo ay nawalan ng katapangan at humantong sa pagtatalo (sa isa't isa) tungkol sa utos, at hindi sumunod matapos na maipakita Niya sa inyo (ang labing-yaman ng digmaan) na inyong ninanais. Sa lipon ninyo ay mayroong nagnanais sa mundong ito, at ang iba ay naghahangad sa Kabilang Buhay. At Kanyang binayaan na kayo ay tumalilis sa (inyong kaaway), upang kayo ay Kanyang masubukan. Datapuwa't katotohanang kayo ay Kanyang pinatawad, at si Allah ang

وَلَقَدْ صَدَقَكُمُ ٱللَّهُ وَعْدَهُۥٓ إِذْ تَحُسُّونَهُم بِإِذْنِهِۦ ۖ حَتَّىٰٓ إِذَا فَشِلْتُمْ وَتَنَـٰزَعْتُمْ فِى ٱلْأَمْرِ وَعَصَيْتُم مِّنۢ بَعْدِ مَآ أَرَىٰكُم مَّا تُحِبُّونَ ۚ مِنكُم مَّن يُرِيدُ ٱلدُّنْيَا وَمِنكُم مَّن يُرِيدُ ٱلْـَٔاخِرَةَ ۚ ثُمَّ صَرَفَكُمْ عَنْهُمْ لِيَبْتَلِيَكُمْ ۖ وَلَقَدْ عَفَا عَنكُمْ ۗ وَٱللَّهُ ذُو فَضْلٍ عَلَى ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿١٥٢﴾

Pinakamapagbigay sa mga sumasampalataya.

153. (At gunitain) nang kayo ay tumakas (sa digmaan ng Uhud) na hindi man lamang lumilingon sa sinuman, at ang Sugo (Muhammad) ay nasa inyong likuran na tumatawag sa inyo upang kayo (ay magbalik). Kaya't binigyan kayo ni Allah ng sunud-sunod na pagkabalisa (pagkabahala, dusa at kagipitan) upang kayo ay hindi mamighati sa anumang (tagumpay at labing-yaman) na nakaalpas sa inyo, at (sa kasawian; alalaong baga, pinsala at kamatayan) na sumapit sa inyo. At si Allah ang Ganap na Nakatatalos ng lahat ninyong ginagawa.

إِذْ تُصْعِدُونَ وَلَا تَلْوُۥنَ عَلَىٰٓ أَحَدٍ وَٱلرَّسُولُ يَدْعُوكُمْ فِىٓ أُخْرَىٰكُمْ فَأَثَٰبَكُمْ غَمًّۢا بِغَمٍّ لِّكَيْلَا تَحْزَنُوا۟ عَلَىٰ مَا فَاتَكُمْ وَلَا مَآ أَصَابَكُمْ ۗ وَٱللَّهُ خَبِيرٌۢ بِمَا تَعْمَلُونَ ﴿١٥٣﴾

154. At makaraan ang panganib, Siya ay nagkaloob ng kapanatagan sa inyo (sa pamamagitan) ng antok na nakapanaig sa isang pangkat sa inyo, habang ang isang pangkat naman ay natitigatig sa kanilang sarili sa pagkabalisa, na ginigiyagis ng (kanilang) maling hinala kay Allah (na salat sa katotohanan), - sa sapantaha ng kawalang-muwang, na nagsasabi: "Mayroon ba kaming kinalaman (na aming nagawa) sa ganitong pangyayari?" Ipagbadya (O Muhammad): "Katotohanan, ang bagay (pangyayari) na ito ay ganap na nasa pag-aangkin ni Allah." Ikinubli nila sa kanilang sarili (isipan) ang ayaw nila na ilantad sa iyo. Sila ay nagsasabi: "Kung may kinalaman man kami (na aming nagawa) sa pangyayaring ito, kami (alalaong baga, ang ilan sa amin) ay hindi sana napatay sa lugar na ito." Ipagbadya: "Kahit kayo man ay nanatili sa loob ng inyong mga tahanan, yaong mga nakatakda na mapatay (o mamatay) ay walang pagsala na paroroon sa lugar ng kanilang kamatayan." (Ang lahat ng ito ay naganap) upang masubukan ni Allah kung ano ang nasa inyong dibdib at dalisayin kung ano ang nasa inyong puso. At si Allah ang Ganap na Nakatatalos kung ano ang nasa (inyong) dibdib.

ثُمَّ أَنزَلَ عَلَيْكُم مِّنۢ بَعْدِ ٱلْغَمِّ أَمَنَةً نُّعَاسًا يَغْشَىٰ طَآئِفَةً مِّنكُمْ ۖ وَطَآئِفَةٌ قَدْ أَهَمَّتْهُمْ أَنفُسُهُمْ يَظُنُّونَ بِٱللَّهِ غَيْرَ ٱلْحَقِّ ظَنَّ ٱلْجَٰهِلِيَّةِ ۖ يَقُولُونَ هَل لَّنَا مِنَ ٱلْأَمْرِ مِن شَىْءٍ ۗ قُلْ إِنَّ ٱلْأَمْرَ كُلَّهُۥ لِلَّهِ ۗ يُخْفُونَ فِىٓ أَنفُسِهِم مَّا لَا يُبْدُونَ لَكَ ۖ يَقُولُونَ لَوْ كَانَ لَنَا مِنَ ٱلْأَمْرِ شَىْءٌ مَّا قُتِلْنَا هَٰهُنَا ۗ قُل لَّوْ كُنتُمْ فِى بُيُوتِكُمْ لَبَرَزَ ٱلَّذِينَ كُتِبَ عَلَيْهِمُ ٱلْقَتْلُ إِلَىٰ مَضَاجِعِهِمْ ۖ وَلِيَبْتَلِىَ ٱللَّهُ مَا فِى صُدُورِكُمْ وَلِيُمَحِّصَ مَا فِى قُلُوبِكُمْ ۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌۢ بِذَاتِ ٱلصُّدُورِ ﴿١٥٤﴾

155. Ang mga tumalikod (tumakas) sa inyo nang araw na ang dalawang pangkat ay

إِنَّ ٱلَّذِينَ تَوَلَّوْا۟ مِنكُمْ يَوْمَ ٱلْتَقَى ٱلْجَمْعَانِ

magtagpo (alalaong baga, sa digmaan ng Uhud), si Satanas ang gumawa sa kanila na tumalilis (tumakas sa gitna ng labanan) dahilan sa ilang (kasalanan) na kanilang nagawa. At katotohanang si Allah ay nagpatawad sa kanila. Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamapagpaumanhin.

إِنَّمَا ٱسْتَزَلَّهُمُ ٱلشَّيْطَٰنُ بِبَعْضِ مَا كَسَبُوا۟ ۖ وَلَقَدْ عَفَا ٱللَّهُ عَنْهُمْ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ حَلِيمٌ ﴿١٥٥﴾

156. O kayong nagsisisampalataya! Huwag kayong tumulad sa kanila na hindi nananampalataya (mga mapagkunwari) at nagsasabi sa kanilang kapatid kung sila ay naglalakbay sa kalupaan o lumalabas upang makidigma: "Kung sila lamang ay nanatili sa amin, sila sana ay hindi nasawi o napatay," upang gawin ni Allah na ito ay maging sanhi ng hinagpis sa kanilang puso. Si Allah ang nagbibigay ng buhay at bumabawi nito. At si Allah ang Ganap na Nakamamasid ng anumang inyong ginagawa.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَكُونُوا۟ كَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَقَالُوا۟ لِإِخْوَٰنِهِمْ إِذَا ضَرَبُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ أَوْ كَانُوا۟ غُزًّى لَّوْ كَانُوا۟ عِندَنَا مَا مَاتُوا۟ وَمَا قُتِلُوا۟ لِيَجْعَلَ ٱللَّهُ ذَٰلِكَ حَسْرَةً فِى قُلُوبِهِمْ ۗ وَٱللَّهُ يُحْىِۦ وَيُمِيتُ ۗ وَٱللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ بَصِيرٌ ﴿١٥٦﴾

157. At kung kayo ay napatay o nasawi sa Landas ni Allah, ang kapatawaran at habag mula kay Allah ay higit na mainam kaysa sa lahat ng kanilang naipon (na makamundong kayamanan).

وَلَئِن قُتِلْتُمْ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ أَوْ مُتُّمْ لَمَغْفِرَةٌ مِّنَ ٱللَّهِ وَرَحْمَةٌ خَيْرٌ مِّمَّا يَجْمَعُونَ ﴿١٥٧﴾

158. At kahit na kayo ay nasawi o napatay, katotohanang kay Allah, kayong (lahat) ay titipunin.

وَلَئِن مُّتُّمْ أَوْ قُتِلْتُمْ لَإِلَى ٱللَّهِ تُحْشَرُونَ ﴿١٥٨﴾

159. At sa pamamagitan ng habag ni Allah, sila ay inyong pinakitunguhan nang mabanayad. At kung ikaw ay naging mabagsik at naging matigas ang puso, sila marahil ay magsisilayas sa paligid ninyo, kaya't pabayaan ninyo (ang kanilang kamalian), at manawagan (kay Allah) ng kapatawaran sa kanila; at sangguniin sila tungkol sa pangyayari. At kung kayo ay nakapagpasiya na; ibigay ninyo ang inyong pagtitiwala kay Allah, katiyakang si Allah ay nagmamahal sa mga nagtitiwala (sa Kanya).

فَبِمَا رَحْمَةٍ مِّنَ ٱللَّهِ لِنتَ لَهُمْ ۖ وَلَوْ كُنتَ فَظًّا غَلِيظَ ٱلْقَلْبِ لَٱنفَضُّوا۟ مِنْ حَوْلِكَ ۖ فَٱعْفُ عَنْهُمْ وَٱسْتَغْفِرْ لَهُمْ وَشَاوِرْهُمْ فِى ٱلْأَمْرِ ۖ فَإِذَا عَزَمْتَ فَتَوَكَّلْ عَلَى ٱللَّهِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ يُحِبُّ ٱلْمُتَوَكِّلِينَ ﴿١٥٩﴾

160. At kung si Allah ay tumulong sa inyo, walang sinuman ang makapapanaig sa inyo; at kung kayo ay Kanyang talikdan, sino pa ba kaya maliban sa Kanya ang makatutulong sa inyo? At kay Allah (lamang), hayaan ang mga

إِن يَنصُرْكُمُ ٱللَّهُ فَلَا غَالِبَ لَكُمْ ۖ وَإِن يَخْذُلْكُمْ فَمَن ذَا ٱلَّذِى يَنصُرُكُم مِّنۢ بَعْدِهِۦ ۗ وَعَلَى ٱللَّهِ فَلْيَتَوَكَّلِ ٱلْمُؤْمِنُونَ ﴿١٦٠﴾

sumasampalataya na magtiwala.

161. Hindi isang katampatan para sa sinumang propeta ang kumuha ng walang katarungan sa isang bahagi ng labing-yaman ng digmaan (*Ghulul*, - magnakaw sa labing-yaman ng digmaan bago pa ito paghati-hatiin); at sinuman ang luminlang sa kanyang mga kasamahan tungkol sa labing-yaman ng digmaan, sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay kanyang ilalabas ang bagay na kanyang kinuha (ng walang katarungan). At ang bawat tao ay babayaran nang ganap sa anumang kanyang nagawa, - at sila ay hindi pakikitunguhan ng kawalang katarungan.

وَمَا كَانَ لِنَبِيٍّ أَن يَغُلَّ ۚ وَمَن يَغْلُلْ يَأْتِ بِمَا غَلَّ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ ۚ ثُمَّ تُوَفَّىٰ كُلُّ نَفْسٍ مَّا كَسَبَتْ وَهُمْ لَا يُظْلَمُونَ ﴿١٦١﴾

162. Siya kaya na sumusunod sa mabuting kaluguran ni Allah (sa hindi pagkuha ng labing-yaman ng digmaan ng walang pahintulot) ay katulad niya na humahatak sa kanyang sarili ng Poot ni Allah (sa pamamagitan ng pagkuha ng labing-yaman ng digmaan ng walang pahintulot o *Ghulul*)? – ang kanyang pananahanan ay Impiyerno, at tunay na napakasama ang gayong hantungan!

أَفَمَنِ ٱتَّبَعَ رِضْوَٰنَ ٱللَّهِ كَمَنۢ بَآءَ بِسَخَطٍ مِّنَ ٱللَّهِ وَمَأْوَىٰهُ جَهَنَّمُ ۖ وَبِئْسَ ٱلْمَصِيرُ ﴿١٦٢﴾

163. Sila ay nasa magkakaibang antas sa paningin ni Allah, at si Allah ang Ganap na Nakamamasid ng anumang kanilang ginagawa.

هُمْ دَرَجَٰتٌ عِندَ ٱللَّهِ ۗ وَٱللَّهُ بَصِيرٌۢ بِمَا يَعْمَلُونَ ﴿١٦٣﴾

164. Katotohanang si Allah ay nagbigay ng malaking biyaya sa mga sumasampalataya nang Kanyang isinugo sa karamihan nila ang isang Sugo (Muhammad) na nagmula sa kanilang lipon, na dumadalit sa kanila ng Kanyang mga Talata (ang Qur'an), at nagpapadalisay sa kanila (sa mga kasalanan sa pamamagitan ng pagsunod sa kanya) at nagtuturo sa kanila ng nasa Aklat (ang Qur'an) at *Al-Hikmah* (karunungan at mga gawa ng Propeta, alalaong baga, sawikain, pagsamba, atbp.), samantalang bago pa rito, sila ay nasa lantad na kamalian.

لَقَدْ مَنَّ ٱللَّهُ عَلَى ٱلْمُؤْمِنِينَ إِذْ بَعَثَ فِيهِمْ رَسُولًا مِّنْ أَنفُسِهِمْ يَتْلُوا۟ عَلَيْهِمْ ءَايَٰتِهِۦ وَيُزَكِّيهِمْ وَيُعَلِّمُهُمُ ٱلْكِتَٰبَ وَٱلْحِكْمَةَ وَإِن كَانُوا۟ مِن قَبْلُ لَفِى ضَلَٰلٍ مُّبِينٍ ﴿١٦٤﴾

165. (Ano ang nangyayari sa inyo)? Nang ang isang kapinsalaan ay humampas sa inyo, bagama't inyong hinampas (ang inyong mga kaaway) na dalawang ulit na matindi, kayo ay

أَوَلَمَّآ أَصَٰبَتْكُم مُّصِيبَةٌ قَدْ أَصَبْتُم مِّثْلَيْهَا قُلْتُمْ أَنَّىٰ هَٰذَا ۖ قُلْ هُوَ مِنْ عِندِ أَنفُسِكُمْ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿١٦٥﴾

nagsasabi: "Saan kaya nanggagaling itong sumapit sa amin?" Ipagbadya (sa kanila): "Ito ay mula sa inyong sarili (dahilan sa inyong masasamang gawa)." At si Allah ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

وَمَآ أَصَـٰبَكُمْ يَوْمَ ٱلْتَقَى ٱلْجَمْعَانِ فَبِإِذْنِ ٱللَّهِ وَلِيَعْلَمَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿١٦٦﴾

166. Ang inyong pinagdusahan (na kapinsalaan) sa araw (ng Digmaan ng Uhud), nang ang dalawang sandatahan ay magkatagpo, ay sa pamamagitan ng kapahintulutan ni Allah, upang Kanyang masubukan ang mga sumasampalataya,

وَلِيَعْلَمَ ٱلَّذِينَ نَافَقُوا۟ ۚ وَقِيلَ لَهُمْ تَعَالَوْا۟ قَـٰتِلُوا۟ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ أَوِ ٱدْفَعُوا۟ ۖ قَالُوا۟ لَوْ نَعْلَمُ قِتَالًا لَّٱتَّبَعْنَـٰكُمْ ۗ هُمْ لِلْكُفْرِ يَوْمَئِذٍ أَقْرَبُ مِنْهُمْ لِلْإِيمَـٰنِ ۚ يَقُولُونَ بِأَفْوَٰهِهِم مَّا لَيْسَ فِى قُلُوبِهِمْ ۗ وَٱللَّهُ أَعْلَمُ بِمَا يَكْتُمُونَ ﴿١٦٧﴾

167. At upang Kanyang masubukan ang mga mapagkunwari, sa kanila ay ipinagbadya: "Halina kayo, tayo ay makipaglaban (tungo) sa Landas ni Allah o (kahit paano) ay ipagtanggol (ninyo) ang inyong sarili." Sila ay nagsabi: "Kung alam lamang namin na ang paglalaban ay magaganap, katiyakang kami ay susunod sa inyo." Sila nang araw na ito ay higit na malapit sa kawalan ng pananalig kaysa sa Pananampalataya, na nagsasabi sa kanilang bibig ng bagay na wala sa kanilang puso. At si Allah ang may ganap na kaalaman sa anumang kanilang ikinukubli.

ٱلَّذِينَ قَالُوا۟ لِإِخْوَٰنِهِمْ وَقَعَدُوا۟ لَوْ أَطَاعُونَا مَا قُتِلُوا۟ ۗ قُلْ فَٱدْرَءُوا۟ عَنْ أَنفُسِكُمُ ٱلْمَوْتَ إِن كُنتُمْ صَـٰدِقِينَ ﴿١٦٨﴾

168. (Sila) ang nagsabi tungkol sa nasawi nilang mga kapatid habang sila ay nakaupo (sa kanilang tahanan): "Kung sila lamang ay nakinig sa amin, sila sana ay hindi napatay." Ipagbadya: "Pigilan ninyo ang kamatayan sa inyong sarili kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan."

وَلَا تَحْسَبَنَّ ٱلَّذِينَ قُتِلُوا۟ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ أَمْوَٰتًۢا ۚ بَلْ أَحْيَآءٌ عِندَ رَبِّهِمْ يُرْزَقُونَ ﴿١٦٩﴾

169. Huwag ninyong akalain na ang mga nasawi sa Landas ni Allah ay patay. Hindi, sila ay buhay sa (piling) ng kanilang Panginoon, at sila ay may mga panustos (o ikabubuhay).

فَرِحِينَ بِمَآ ءَاتَىٰهُمُ ٱللَّهُ مِن فَضْلِهِۦ وَيَسْتَبْشِرُونَ بِٱلَّذِينَ لَمْ يَلْحَقُوا۟ بِهِم مِّنْ خَلْفِهِمْ أَلَّا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ﴿١٧٠﴾

170. Sila ay nagsasaya sa ipinagkaloob sa kanila ni Allah mula sa Kanyang biyaya, at (tungkol sa mga naiwan sa labanan), sila ay tumanggap ng masayang balita tungkol sa kanila (na susunod na magiging martir) pagkatapos nila, na hindi pa nakasama sa kanila; - na walang anumang pangamba ang sasapit sa kanila, gayundin

naman, sila ay hindi malulumbay.

171. Sila ay nagsasaya sa Biyaya at Kasaganaan mula kay Allah, at hindi hahayaan ni Allah na mawalan ng kabuluhan ang gantimpala ng mga sumasampalataya.

۞ يَسْتَبْشِرُونَ بِنِعْمَةٍ مِّنَ ٱللَّهِ وَفَضْلٍ وَأَنَّ ٱللَّهَ لَا يُضِيعُ أَجْرَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿١٧١﴾

172. Ang mga tumugon (sa panawagan) ni Allah at ng (Kanyang) Sugo (Muhammad), matapos na masugatan; sila na gumawa ng kabutihan at nangamba kay Allah ay mayroong malaking gantimpala.

ٱلَّذِينَ ٱسْتَجَابُوا۟ لِلَّهِ وَٱلرَّسُولِ مِنۢ بَعْدِ مَآ أَصَابَهُمُ ٱلْقَرْحُ ۚ لِلَّذِينَ أَحْسَنُوا۟ مِنْهُمْ وَٱتَّقَوْا۟ أَجْرٌ عَظِيمٌ ﴿١٧٢﴾

173. Ang (mga mapagkunwari) na nagsabi sa mga tao (na sumasampalataya): "Katotohanan, ang mga tao (mga pagano) ay nagtipun-tipon laban sa inyo (na malaking sandatahan), kung gayon, inyong katakutan sila." Datapuwa't ito ay lalo (lamang) nagpasidhi sa kanilang Pananampalataya, at sila ay nagsabi: "Si Allah (lamang) ay sapat na sa amin, at Siya ang Pinakamahusay sa Pag-aayos ng lahat ng pangyayari (para sa amin)."

ٱلَّذِينَ قَالَ لَهُمُ ٱلنَّاسُ إِنَّ ٱلنَّاسَ قَدْ جَمَعُوا۟ لَكُمْ فَٱخْشَوْهُمْ فَزَادَهُمْ إِيمَٰنًا وَقَالُوا۟ حَسْبُنَا ٱللَّهُ وَنِعْمَ ٱلْوَكِيلُ ﴿١٧٣﴾

174. Kaya't sila ay nagbalik na taglay ang Biyaya at Kasaganaan mula kay Allah. Walang anumang kapinsalaan ang sumaling sa kanila; at sila ay sumunod sa mabuting kaluguran ni Allah. At si Allah ang nag-aangkin ng Malaking Kasaganaan.

فَٱنقَلَبُوا۟ بِنِعْمَةٍ مِّنَ ٱللَّهِ وَفَضْلٍ لَّمْ يَمْسَسْهُمْ سُوٓءٌ ۚ وَٱتَّبَعُوا۟ رِضْوَٰنَ ٱللَّهِ ۗ وَٱللَّهُ ذُو فَضْلٍ عَظِيمٍ ﴿١٧٤﴾

175. Si Satanas lamang ang nananakot (sa iyo sa pamamagitan) ng kanyang *Auliya* (mga tagatangkilik at kaibigan [mga mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah at sa Kanyang Sugo na si Muhammad]), kaya't sila ay huwag ninyong katakutan, datapuwa't inyong pangambahan Ako kung kayo ay (tunay) na sumasampalataya.

إِنَّمَا ذَٰلِكُمُ ٱلشَّيْطَٰنُ يُخَوِّفُ أَوْلِيَآءَهُۥ ۖ فَلَا تَخَافُوهُمْ وَخَافُونِ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ﴿١٧٥﴾

176. At huwag hayaan na sila ay magbigay sa iyo ng kalumbayan (O Muhammad), na nagmamadali sa kawalan ng pananampalataya; katotohanan, wala isa mang katiting na kapinsalaan ang magagawa nila kay Allah. Ito ay kagustuhan ni Allah na huwag silang bigyan ng anumang gantimpala sa Kabilang Buhay. Sa kanila ay may malaking kaparusahan.

وَلَا يَحْزُنكَ ٱلَّذِينَ يُسَٰرِعُونَ فِى ٱلْكُفْرِ ۚ إِنَّهُمْ لَن يَضُرُّوا۟ ٱللَّهَ شَيْـًٔا ۗ يُرِيدُ ٱللَّهُ أَلَّا يَجْعَلَ لَهُمْ حَظًّا فِى ٱلْءَاخِرَةِ ۖ وَلَهُمْ عَذَابٌ عَظِيمٌ ﴿١٧٦﴾

إِنَّ ٱلَّذِينَ ٱشْتَرَوُا۟ ٱلْكُفْرَ بِٱلْإِيمَٰنِ لَن يَضُرُّوا۟ ٱللَّهَ شَيْـًٔا ۖ وَلَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿١٧٧﴾

177. Katotohanan; sila na ipinagpalit ang kawalan ng pananampalataya sa Pananampalataya (kay Allah), walang anumang kapinsalaan ang magagawa nila kay Allah. Sa kanila ay may malaking kaparusahan.

وَلَا يَحْسَبَنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ أَنَّمَا نُمْلِى لَهُمْ خَيْرٌ لِّأَنفُسِهِمْ ۚ إِنَّمَا نُمْلِى لَهُمْ لِيَزْدَادُوٓا۟ إِثْمًا ۚ وَلَهُمْ عَذَابٌ مُّهِينٌ ﴿١٧٨﴾

178. At huwag akalain ng mga hindi sumasampalataya na ang Aming pagpapaliban ng kanilang kaparusahan ay mabuti para sa kanila. Amin lamang ipinagpapaliban ang kanilang kaparusahan upang kanilang dagdagan pa ang kanilang pagiging makasalanan. At sa kanila ay mayroong kahiya-hiyang kaparusahan.

مَّا كَانَ ٱللَّهُ لِيَذَرَ ٱلْمُؤْمِنِينَ عَلَىٰ مَآ أَنتُمْ عَلَيْهِ حَتَّىٰ يَمِيزَ ٱلْخَبِيثَ مِنَ ٱلطَّيِّبِ ۗ وَمَا كَانَ ٱللَّهُ لِيُطْلِعَكُمْ عَلَى ٱلْغَيْبِ وَلَٰكِنَّ ٱللَّهَ يَجْتَبِى مِن رُّسُلِهِۦ مَن يَشَآءُ ۖ فَـَٔامِنُوا۟ بِٱللَّهِ وَرُسُلِهِۦ ۚ وَإِن تُؤْمِنُوا۟ وَتَتَّقُوا۟ فَلَكُمْ أَجْرٌ عَظِيمٌ ﴿١٧٩﴾

179. Si Allah ay hindi mag-iiwan sa mga sumasampalataya sa kalagayan na kinalalagyan ninyo ngayon, hanggang sa Kanyang makita ang pagkakaiba ng masama at mabuti. At hindi rin ilalantad sa inyo ni Allah ang mga lihim ng *Ghaib* (mga bagay na hindi nakikita at lingid sa ating kaalaman tulad ng anghel, kaluluwa, atbp.), subalit si Allah ay humihirang ng Kanyang mga Sugo sa sinuman na Kanyang mapusuan. Kaya't sumampalataya kayo kay Allah at sa Kanyang mga Sugo, at kung kayo ay sumampalataya at mangamba (matakot sa Kanya), sa inyo ay may malaking gantimpala.

وَلَا يَحْسَبَنَّ ٱلَّذِينَ يَبْخَلُونَ بِمَآ ءَاتَىٰهُمُ ٱللَّهُ مِن فَضْلِهِۦ هُوَ خَيْرًا لَّهُم ۖ بَلْ هُوَ شَرٌّ لَّهُمْ ۖ سَيُطَوَّقُونَ مَا بَخِلُوا۟ بِهِۦ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ ۗ وَلِلَّهِ مِيرَٰثُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۗ وَٱللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ خَبِيرٌ ﴿١٨٠﴾

180. At huwag akalain ng mga nagmamaramot sa mga bagay na ipinagkaloob sa kanila mula sa Kanyang Kasaganaan (Biyaya) na ito ay mabuti sa kanila (kaya sila ay hindi nagbabayad ng *Zakah* [katungkulang kawanggawa]). Hindi, ito ay higit na masama sa kanila; ang mga bagay na kanilang ipinagmaramot ay itatali sa kanilang leeg na katulad ng (kadenang) kuwelyo sa Araw ng Muling Pagkabuhay. At si Allah ang nag-aangkin ng mga pamana (yaman) ng kalangitan at kalupaan; at si Allah ay Ganap na Nakababatid ng lahat ninyong ginagawa.

لَّقَدْ سَمِعَ ٱللَّهُ قَوْلَ ٱلَّذِينَ قَالُوٓا۟ إِنَّ ٱللَّهَ فَقِيرٌ وَنَحْنُ أَغْنِيَآءُ ۘ سَنَكْتُبُ مَا قَالُوا۟ وَقَتْلَهُمُ ٱلْأَنۢبِيَآءَ بِغَيْرِ حَقٍّ وَنَقُولُ ذُوقُوا۟ عَذَابَ ٱلْحَرِيقِ ﴿١٨١﴾

181. Katotohanan, si Allah ay nakarinig sa pangungusap ng (mga Hudyo) na nagsasabi: "Katotohanang si Allah ay maralita at tayo ay mayaman!" Aming itatala ang kanilang sinalita at ang kanilang pagpatay sa mga Propeta ng walang katarungan, at Aming wiwikain:

"Lasapin ninyo ang kaparusahan ng naglalagablab (na Apoy)."

182. Ito'y dahil sa (kasamaan) na ginawa ng inyong mga kamay. At katiyakang si Allah ay hindi kailanman naging di-makatarungan sa (Kanyang) mga alipin.

ذَٰلِكَ بِمَا قَدَّمَتْ أَيْدِيكُمْ وَأَنَّ ٱللَّهَ لَيْسَ بِظَلَّٰمٍ لِّلْعَبِيدِ ﴿١٨٢﴾

183. Sila (mga Hudyo) na nagsabi: "Katotohanang si Allah ay tumanggap sa aming pangako na kami ay hindi sasampalataya sa sinumang Sugo maliban na siya (Sugo) ay magdala sa amin ng isang handog na sisilain ng apoy (mula sa langit)." Ipagbadya: "Katotohanang may dumatal sa inyo na mga Sugo nang una pa sa akin na may maliwanag na mga Tanda, at gayundin kung ano ang inyong hinihingi; kung gayon, bakit kaya sila ay inyong pinatay, kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan?"

ٱلَّذِينَ قَالُوٓا۟ إِنَّ ٱللَّهَ عَهِدَ إِلَيْنَآ أَلَّا نُؤْمِنَ لِرَسُولٍ حَتَّىٰ يَأْتِيَنَا بِقُرْبَانٍ تَأْكُلُهُ ٱلنَّارُ ۗ قُلْ قَدْ جَآءَكُمْ رُسُلٌ مِّن قَبْلِى بِٱلْبَيِّنَٰتِ وَبِٱلَّذِى قُلْتُمْ فَلِمَ قَتَلْتُمُوهُمْ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿١٨٣﴾

184. At kung sila ay magtakwil sa iyo (O Muhammad), ito ay katulad (din nang nangyari) sa mga Sugo na nauna sa iyo na dumatal na may *Al-Bayyinat* (maliwanag na mga Tanda, katibayan) at Kasulatan at Aklat ng kaliwanagan.

فَإِن كَذَّبُوكَ فَقَدْ كُذِّبَ رُسُلٌ مِّن قَبْلِكَ جَآءُو بِٱلْبَيِّنَٰتِ وَٱلزُّبُرِ وَٱلْكِتَٰبِ ٱلْمُنِيرِ ﴿١٨٤﴾

185. Ang bawat kaluluwa ay makakalasap ng kamatayan. At sa Araw ng Muling Pagkabuhay lamang kayo ay babayaran nang ganap. At sinuman ang inilayo sa Apoy at tinanggap sa Paraiso, katotohanang siya ay matagumpay. Ang buhay sa mundong ito ay isa lamang pagsasaya ng kalinlangan (isang bagay na mandaraya).

كُلُّ نَفْسٍ ذَآئِقَةُ ٱلْمَوْتِ ۗ وَإِنَّمَا تُوَفَّوْنَ أُجُورَكُمْ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ ۖ فَمَن زُحْزِحَ عَنِ ٱلنَّارِ وَأُدْخِلَ ٱلْجَنَّةَ فَقَدْ فَازَ ۗ وَمَا ٱلْحَيَوٰةُ ٱلدُّنْيَآ إِلَّا مَتَٰعُ ٱلْغُرُورِ ﴿١٨٥﴾

186. Katiyakang kayo ay susubukan sa inyong kayamanan at mga ari-arian at sa inyong sarili, at katiyakang kayo ay makakarinig ng maraming (bagay) na magbibigay sa inyo ng pighati, mula sa kanila na binigyan ng Kasulatan nang una pa sa inyo (mga Hudyo at Kristiyano), at mula sa kanila na nagtatambal sa pagsamba kay Allah, datapuwa't kung kayo ay magtiis, at maging *Al-Muttaqun* (mga matimtiman, matuwid at mabuting mananampalataya), – katiyakang yaon ay isang bagay ng pagpupunyagi (matibay na hangarin).

۞ لَتُبْلَوُنَّ فِىٓ أَمْوَٰلِكُمْ وَأَنفُسِكُمْ وَلَتَسْمَعُنَّ مِنَ ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ مِن قَبْلِكُمْ وَمِنَ ٱلَّذِينَ أَشْرَكُوٓا۟ أَذًى كَثِيرًا ۚ وَإِن تَصْبِرُوا۟ وَتَتَّقُوا۟ فَإِنَّ ذَٰلِكَ مِنْ عَزْمِ ٱلْأُمُورِ ﴿١٨٦﴾

وَإِذْ أَخَذَ ٱللَّهُ مِيثَٰقَ ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ لَتُبَيِّنُنَّهُۥ لِلنَّاسِ وَلَا تَكْتُمُونَهُۥ فَنَبَذُوهُ وَرَآءَ ظُهُورِهِمْ وَٱشْتَرَوْا۟ بِهِۦ ثَمَنًا قَلِيلًا ۖ فَبِئْسَ مَا يَشْتَرُونَ ﴿١٨٧﴾

187. (At gunitain) nang si Allah ay kumuha ng isang Kasunduan mula sa kanila na binigyan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano), (na nagsasabi): "Gawin mo itong maliwanag (alalaong baga, ipaliwanag mo ang balita ng pagdatal ni Propeta Muhammad at ng karunungang pangrelihiyon) sa sangkatauhan, at ito ay huwag itago, datapuwa't itinapon nila ito sa kanilang likuran (hindi tinupad) at (ito'y kanilang) ipinagpalit sa maliit na halaga. At katotohanang napakasama ang kanilang ipinagpalit (dito).

لَا تَحْسَبَنَّ ٱلَّذِينَ يَفْرَحُونَ بِمَآ أَتَوا۟ وَّيُحِبُّونَ أَن يُحْمَدُوا۟ بِمَا لَمْ يَفْعَلُوا۟ فَلَا تَحْسَبَنَّهُم بِمَفَازَةٍ مِّنَ ٱلْعَذَابِ ۖ وَلَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿١٨٨﴾

188. Huwag ninyong akalain na ang mga nagsisipagsaya sa anumang kanilang isinasakatuparan (na kasamaan), na naiibigan (nila) na sila ay purihin sa bagay na hindi nila ginawa, - huwag ninyong akalain na sila ay makatatakas sa kaparusahan. Sa kanila ay may kasakit-sakit na kaparusahan.

وَلِلَّهِ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۗ وَٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿١٨٩﴾

189. At kay Allah ang pag-aangkin ng kapamahalaan ng kalangitan at kalupaan, at si Allah ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

إِنَّ فِى خَلْقِ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَٱخْتِلَٰفِ ٱلَّيْلِ وَٱلنَّهَارِ لَءَايَٰتٍ لِّأُو۟لِى ٱلْأَلْبَٰبِ ﴿١٩٠﴾

190. Katotohanan! Sa pagkakalikha ng kalangitan at kalupaan, at sa pagsasalitan ng gabi at araw, katiyakang naririto ang mga Tanda sa mga tao na may pang-unawa.

ٱلَّذِينَ يَذْكُرُونَ ٱللَّهَ قِيَٰمًا وَقُعُودًا وَعَلَىٰ جُنُوبِهِمْ وَيَتَفَكَّرُونَ فِى خَلْقِ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ رَبَّنَا مَا خَلَقْتَ هَٰذَا بَٰطِلًا سُبْحَٰنَكَ فَقِنَا عَذَابَ ٱلنَّارِ ﴿١٩١﴾

191. Ang mga nag-aala-ala kay Allah (nang lagi, at sa pananalangin) nang nakatayo, nakaupo at nakahilig sa kanilang tagiliran, at nag-iisip nang mataman tungkol sa pagkakalikha ng kalangitan at kalupaan (na nagsasabi): "Aming Panginoon! Hindi Ninyo nilikha ang (lahat) ng ito ng walang layunin, luwalhatiin Kayo! (Higit Kayong mataas sa lahat ng mga itinataguri nilang katambal sa Inyo). Inyong gawaran kami ng kaligtasan sa kaparusahan ng Apoy.

رَبَّنَآ إِنَّكَ مَن تُدْخِلِ ٱلنَّارَ فَقَدْ أَخْزَيْتَهُۥ ۖ وَمَا لِلظَّٰلِمِينَ مِنْ أَنصَارٍ ﴿١٩٢﴾

192. Aming Panginoon! Katotohanan, ang sinumang Inyong tanggapin sa Apoy (Impiyerno), katiyakang siya ay Inyong winalan ng dangal, at kailanman ang *Zalimun* (mga

mapagsamba sa diyus-diyosan, buktot, tampalasan) ay hindi makakatagpo ng tagatangkilik.

رَبَّنَآ إِنَّنَا سَمِعْنَا مُنَادِيًا يُنَادِى لِلْإِيمَٰنِ أَنْ ءَامِنُوا۟ بِرَبِّكُمْ فَـَٔامَنَّا ۚ رَبَّنَا فَٱغْفِرْ لَنَا ذُنُوبَنَا وَكَفِّرْ عَنَّا سَيِّـَٔاتِنَا وَتَوَفَّنَا مَعَ ٱلْأَبْرَارِ ﴿١٩٣﴾

193. Aming Panginoon! Katotohanang narinig namin ang panawagan niya (Muhammad) na nananawagan sa Pananampalataya: "Manampalataya (kayo) sa inyong Panginoon," at kami ay sumampalataya. Aming Panginoon! Patawarin Ninyo ang aming mga kasalanan at burahin ang aming kasamaan, at hayaan kami na mamatay na kasama ang *Al-Abrar* (ang mga matutuwid na nananampalataya sa Kaisahan ni Allah at mahigpit na tumutupad sa Kanyang pag-uutos).

رَبَّنَا وَءَاتِنَا مَا وَعَدتَّنَا عَلَىٰ رُسُلِكَ وَلَا تُخْزِنَا يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ ۗ إِنَّكَ لَا تُخْلِفُ ٱلْمِيعَادَ ﴿١٩٤﴾

194. Aming Panginoon! Igawad Ninyo sa amin ang Inyong ipinangako sa pamamagitan ng Inyong mga Sugo at kami ay huwag Ninyong alisan ng dangal sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sapagkat kailanman ay hindi Kayo sumisira sa (Inyong) pangako."

فَٱسْتَجَابَ لَهُمْ رَبُّهُمْ أَنِّى لَآ أُضِيعُ عَمَلَ عَٰمِلٍ مِّنكُم مِّن ذَكَرٍ أَوْ أُنثَىٰ ۖ بَعْضُكُم مِّنۢ بَعْضٍ ۖ فَٱلَّذِينَ هَاجَرُوا۟ وَأُخْرِجُوا۟ مِن دِيَٰرِهِمْ وَأُوذُوا۟ فِى سَبِيلِى وَقَٰتَلُوا۟ وَقُتِلُوا۟ لَأُكَفِّرَنَّ عَنْهُمْ سَيِّـَٔاتِهِمْ وَلَأُدْخِلَنَّهُمْ جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ ثَوَابًا مِّنْ عِندِ ٱللَّهِ ۗ وَٱللَّهُ عِندَهُۥ حُسْنُ ٱلثَّوَابِ ﴿١٩٥﴾

195. Kaya't ang kanilang Panginoon ay tumanggap sa kanila (sa kanilang pagsusumamo at sa kanila ay tumugon), "Kailanman ay hindi Ko hahayaan na mawalan ng saysay ang gawa ng sinuman sa inyo, maging siya ay lalaki o babae. Kayo ay (magkakapanalig) sa bawat isa, kaya't ang mga nagsilikas at itinaboy mula sa kanilang tahanan, at nagdusa ng kapinsalaan dahilan sa Aking Kapakanan, at lumaban at napatay sa Aking Kapakanan, katotohanang Aking ipatatawad sa kanila ang kanilang masasamang gawa at sila ay (Aking) tatanggapin sa Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso); bilang gantimpala mula kay Allah; at na kay Allah ang pinakamainam na mga gantimpala."

لَا يَغُرَّنَّكَ تَقَلُّبُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ فِى ٱلْبِلَٰدِ ﴿١٩٦﴾

196. Huwag hayaan ang pagwawaldas (at kasaganaan) ng mga hindi sumasampalataya sa kalupaan ay makalinlang sa inyo.

مَتَٰعٌ قَلِيلٌ ثُمَّ مَأْوَىٰهُمْ جَهَنَّمُ ۚ وَبِئْسَ ٱلْمِهَادُ ﴿١٩٧﴾

197. Isang maigsing pagsasaya; at pagkatapos, ang kanilang huling hantungan ay Impiyerno; at tunay na (ito) ay napakasamang tahanan.

لَٰكِنِ ٱلَّذِينَ ٱتَّقَوْا۟ رَبَّهُمْ لَهُمْ جَنَّٰتٌ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَا نُزُلًا مِّنْ عِندِ ٱللَّهِ ۗ وَمَا عِندَ ٱللَّهِ خَيْرٌ لِّلْأَبْرَارِ ﴿١٩٨﴾

198. Datapuwa't sa kanila na nangangamba sa Kanilang Panginoon ay mga Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), sila ay mananahan dito (magpakailanman) bilang tahanan mula kay Allah; at ang nasa kay Allah ang pinakamainam sa *Al-Abrar* (ang mga matutuwid na nananampalataya sa Kaisahan ni Allah at mahigpit na tumutupad sa Kanyang pag-uutos).

وَإِنَّ مِنْ أَهْلِ ٱلْكِتَٰبِ لَمَن يُؤْمِنُ بِٱللَّهِ وَمَآ أُنزِلَ إِلَيْكُمْ وَمَآ أُنزِلَ إِلَيْهِمْ خَٰشِعِينَ لِلَّهِ لَا يَشْتَرُونَ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ ثَمَنًا قَلِيلًا ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمْ أَجْرُهُمْ عِندَ رَبِّهِمْ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ سَرِيعُ ٱلْحِسَابِ ﴿١٩٩﴾

199. At katiyakan, na mayroon sa lipon ng Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ang sumasampalataya kay Allah at sa bagay na ipinahayag sa inyo, at sa bagay na ipinahayag sa kanila, na nagpapakumbaba sa kanilang sarili sa harapan ni Allah. Hindi nila ipinagbibili ang mga Talata ni Allah sa maliit na halaga; para sa kanila ay may isang gantimpala na nasa kanilang Panginoon. Katotohanang si Allah ay Maagap sa Pagsusulit.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱصْبِرُوا۟ وَصَابِرُوا۟ وَرَابِطُوا۟ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ لَعَلَّكُمْ تُفْلِحُونَ ﴿٢٠٠﴾

200. O kayong nagsisisampalataya! Magsipagbata kayo at higit na magtiyaga (nang higit sa inyong kaaway), at bantayan ninyo ang inyong nasasakupan sa pamamagitan nang pagtatalaga ng pangkat na sandatahan sa mga lugar na ang kaaway ay maaaring lumusob sa inyo, at pangambahan si Allah upang kayo ay maging matagumpay.

سُورَةُ النِّسَاءِ

Surah 4

Surat An-Nissa
(Ang Kababaihan)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ ٱتَّقُوا۟ رَبَّكُمُ ٱلَّذِى خَلَقَكُم مِّن نَّفْسٍ وَٰحِدَةٍ وَخَلَقَ مِنْهَا زَوْجَهَا وَبَثَّ مِنْهُمَا رِجَالًا كَثِيرًا وَنِسَآءً ۚ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ ٱلَّذِى تَسَآءَلُونَ بِهِۦ وَٱلْأَرْحَامَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ عَلَيْكُمْ رَقِيبًا ﴿١﴾

1. O sangkatauhan! Pangambahan (ninyo) ang inyong Panginoon na lumikha sa inyo mula sa isang tao (Adan), at mula sa kanya ay nilikha Niya ang kanyang asawa (Eba), at mula sa kanilang dalawa ay nilikha Niya ang maraming lalaki at babae; at pangambahan ninyo si Allah, na sa pamamagitan Niya (sa Kanyang Pangalan) ay humihingi (at humihiling) kayo sa isa't isa (alalaong baga, humihiling ng mga pabuya at humihingi ng mga karapatan)[3], at (huwag ninyong putulin ang kaugnayan) ng mga sinapupunan (na nagluwal sa inyo, alalaong baga, ang pagkakamag-anak); sapagkat katiyakang si Allah ay Lalagi nang Ganap na Nagmamasid sa inyo.

وَءَاتُوا۟ ٱلْيَتَٰمَىٰٓ أَمْوَٰلَهُمْ ۖ وَلَا تَتَبَدَّلُوا۟ ٱلْخَبِيثَ بِٱلطَّيِّبِ ۖ وَلَا تَأْكُلُوٓا۟ أَمْوَٰلَهُمْ إِلَىٰٓ أَمْوَٰلِكُمْ ۚ إِنَّهُۥ كَانَ حُوبًا كَبِيرًا ﴿٢﴾

2. At sa mga ulila, inyong ibalik ang kanilang mga ari-arian (kung sila ay sumapit na sa hustong gulang), gayundin naman ay huwag ninyong ihalili (ipalit) ang (inyong) walang halagang bagay sa (kanilang) mahalagang bagay, at huwag ninyong gamitin (ubusin) ang kanilang mga ari-arian sa inyong kapakanan. Katiyakang ito ay isang malaking kasalanan.

وَإِنْ خِفْتُمْ أَلَّا تُقْسِطُوا۟ فِى ٱلْيَتَٰمَىٰ فَٱنكِحُوا۟ مَا طَابَ لَكُم مِّنَ ٱلنِّسَآءِ مَثْنَىٰ وَثُلَٰثَ وَرُبَٰعَ ۖ فَإِنْ

3. At kung kayo ay nangangamba na kayo ay hindi makagaganap na maging makatarungan sa mga (babaeng) ulila, kayo ay magsipag-asawa ng

[3] Ito ay hinggil sa, kung ang ilang mga tao ay magsabi: "Tinatanong kita sa pamamagitan ni Allah, at pagkatapos ay sa pamamagitan ng kaugnayan (relasyon) ng sinapupunan (alalaong baga, ang aking kaugnayan [relasyon] sa iyo). Ibn Kathir, Vol. 2/369.

(ibang) kababaihan na inyong mapusuan, (mula sa) dalawa, o tatlo, o apat; datapuwa't kung kayo ay nangangamba na kayo ay hindi makagaganap na maging makatarungan (sa kanila), kung gayon ay (mag-asawa) lamang ng isa, o kung ano ang angkin ng inyong kanang kamay (alalaong baga, ang inyong mga aliping babae). Ito ay higit na angkop sa inyo upang kayo ay hindi mabulid (sa kawalang-katarungan).

خِفْتُمْ أَلَّا تَعْدِلُوا۟ فَوَٰحِدَةً أَوْ مَا مَلَكَتْ أَيْمَٰنُكُمْ ۚ ذَٰلِكَ أَدْنَىٰٓ أَلَّا تَعُولُوا۟ ﴿٣﴾

4. At ibigay sa kababaihan (na inyong mapapangasawa) ang kanilang *Mahr* (ang dote, bilang katungkulang handog na ibinibigay ng lalaki sa kanyang magiging asawa) ng may pagmamahal. Datapuwa't kung kanilang ipaubaya nang lubusan sa inyo ang anumang bahagi nito, kung gayon, tanggapin ninyo ito sa kasiyahan at kaginhawahan.

وَءَاتُوا۟ ٱلنِّسَآءَ صَدُقَٰتِهِنَّ نِحْلَةً ۚ فَإِن طِبْنَ لَكُمْ عَن شَىْءٍ مِّنْهُ نَفْسًا فَكُلُوهُ هَنِيٓـًٔا مَّرِيٓـًٔا ﴿٤﴾

5. At sa may mahihinang pag-iisip, huwag ninyong ibigay sa kanila ang inyong ari-arian na ipinagkaloob ni Allah sa inyo bilang panustos na ikabubuhay, datapuwa't inyong pagkalooban (pakainin) at damitan sila mula rito (ari-arian), at mangusap sa kanila ng mga salita na nababagay sa kabutihan.

وَلَا تُؤْتُوا۟ ٱلسُّفَهَآءَ أَمْوَٰلَكُمُ ٱلَّتِى جَعَلَ ٱللَّهُ لَكُمْ قِيَٰمًا وَٱرْزُقُوهُمْ فِيهَا وَٱكْسُوهُمْ وَقُولُوا۟ لَهُمْ قَوْلًا مَّعْرُوفًا ﴿٥﴾

6. Subukan ninyo (ang katalinuhan) ng mga ulila hanggang sa sila ay sumapit na sa hustong gulang ng pag-aasawa; at kung kayo ay makakita sa kanila ng sapat na kakayahan, ibigay ninyo sa kanila ang kanilang ari-arian, at huwag ninyo itong gamitin (ubusin) nang agad-agad, (na umaasam at naghihintay) na sila ay sasapit sa hustong gulang. At kung ang tagapangalaga ay may maalwang buhay, huwag tumanggap ng kabayaran, datapuwa't kung siya ay mahirap, hayaan siyang tumanggap nang ayon sa kung ano ang katanggap-tanggap. At kung inyo nang igagawad sa kanila ang kanilang ari-arian, kayo ay kumuha ng mga saksi sa kanilang harapan; datapuwa't si Allah ay Ganap na Saksi sa pagsusulit.

وَٱبْتَلُوا۟ ٱلْيَتَٰمَىٰ حَتَّىٰٓ إِذَا بَلَغُوا۟ ٱلنِّكَاحَ فَإِنْ ءَانَسْتُم مِّنْهُمْ رُشْدًا فَٱدْفَعُوٓا۟ إِلَيْهِمْ أَمْوَٰلَهُمْ ۖ وَلَا تَأْكُلُوهَآ إِسْرَافًا وَبِدَارًا أَن يَكْبَرُوا۟ ۚ وَمَن كَانَ غَنِيًّا فَلْيَسْتَعْفِفْ ۖ وَمَن كَانَ فَقِيرًا فَلْيَأْكُلْ بِٱلْمَعْرُوفِ ۚ فَإِذَا دَفَعْتُمْ إِلَيْهِمْ أَمْوَٰلَهُمْ فَأَشْهِدُوا۟ عَلَيْهِمْ ۚ وَكَفَىٰ بِٱللَّهِ حَسِيبًا ﴿٦﴾

7. Sa mga kalalakihan (mga anak na lalaki at malalapit na kamag-anak) ay mayroong

لِّلرِّجَالِ نَصِيبٌ مِّمَّا تَرَكَ ٱلْوَٰلِدَانِ وَٱلْأَقْرَبُونَ

natatanging bahagi (na makukuha) sa anumang naiwan na kayamanan ng mga magulang at malalapit na kamag-anak (kapag sila ay yumao na), at sa mga kababaihan (mga anak na babae) ay mayroon ding natatanging bahagi sa anumang naiwan na kayamanan ng mga magulang at malalapit na kamag-anak, kahima't ang ari-arian ay maliit o malaki; (ito ay) isang nalalaan (obligasyon) na bahagi.

وَلِلنِّسَآءِ نَصِيبٌ مِّمَّا تَرَكَ ٱلْوَٰلِدَانِ وَٱلْأَقْرَبُونَ مِمَّا قَلَّ مِنْهُ أَوْ كَثُرَ ۚ نَصِيبًا مَّفْرُوضًا ﴿٧﴾

8. Datapuwa't kung sa panahon ng paghahati-hati ay mayroong ibang kamag-anak, o mga ulila, o mahihirap (na hindi kasali sa mga tagapagmana) na rito ay nakatunghay, inyong hatian sila (mula sa ari-arian), at mangusap sa kanila ng salita ng kabutihan at katarungan.

وَإِذَا حَضَرَ ٱلْقِسْمَةَ أُو۟لُوا۟ ٱلْقُرْبَىٰ وَٱلْيَتَٰمَىٰ وَٱلْمَسَٰكِينُ فَٱرْزُقُوهُم مِّنْهُ وَقُولُوا۟ لَهُمْ قَوْلًا مَّعْرُوفًا ﴿٨﴾

9. Hayaan ang mga (namamahala ng pagbabaha-bahagi ng ari-arian at tagapangalaga sa mga ulila) ay mayroong pagkatakot sa kanilang isipan na katulad ng kanilang mararamdaman sa kanilang sarili kung sila ay nakaiwan ng mahihinang pamilya (tulad ng maliliit na mga anak, at hindi sila pakikitunguhan nang makatarungan ng kanilang magiging tagapangalaga). Kaya't dapat nilang pangambahan si Allah at mangusap sa kanila (mga ulila) ng katampatang salita.

وَلْيَخْشَ ٱلَّذِينَ لَوْ تَرَكُوا۟ مِنْ خَلْفِهِمْ ذُرِّيَّةً ضِعَٰفًا خَافُوا۟ عَلَيْهِمْ ۖ فَلْيَتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَلْيَقُولُوا۟ قَوْلًا سَدِيدًا ﴿٩﴾

10. Ang mga kumakamkam ng mga ari-arian ng mga ulila ng walang katarungan ay kumakain ng apoy sa kanilang tiyan; hindi magtatagal, sila ay magbabata sa naglalagablab na Apoy!

إِنَّ ٱلَّذِينَ يَأْكُلُونَ أَمْوَٰلَ ٱلْيَتَٰمَىٰ ظُلْمًا إِنَّمَا يَأْكُلُونَ فِى بُطُونِهِمْ نَارًا ۖ وَسَيَصْلَوْنَ سَعِيرًا ﴿١٠﴾

11. Si Allah ay nag-uutos sa inyo tungkol (sa mamanahin) ng inyong mga anak: sa lalaki, ang kanyang bahagi ay katumbas ng sa dalawang babae; kung mga babae lamang ang anak, dalawa o higit pa, ang kanilang bahagi ay dalawang-katlo (2/3) ng pamana; kung nag-iisa lamang, ang sa kanya (tanging babae) ay kalahati. Sa mga magulang (ng yumao), ay isang bahagi ng anim (1/6) sa bawat isa, kung ang namatay ay nakaiwan ng anak; at kung walang anak at ang mga magulang lamang ang

يُوصِيكُمُ ٱللَّهُ فِىٓ أَوْلَٰدِكُمْ ۖ لِلذَّكَرِ مِثْلُ حَظِّ ٱلْأُنثَيَيْنِ ۚ فَإِن كُنَّ نِسَآءً فَوْقَ ٱثْنَتَيْنِ فَلَهُنَّ ثُلُثَا مَا تَرَكَ ۖ وَإِن كَانَتْ وَٰحِدَةً فَلَهَا ٱلنِّصْفُ ۚ وَلِأَبَوَيْهِ لِكُلِّ وَٰحِدٍ مِّنْهُمَا ٱلسُّدُسُ مِمَّا تَرَكَ إِن كَانَ لَهُۥ وَلَدٌ ۚ فَإِن لَّمْ يَكُن لَّهُۥ وَلَدٌ وَوَرِثَهُۥٓ أَبَوَاهُ فَلِأُمِّهِ ٱلثُّلُثُ ۚ فَإِن كَانَ لَهُۥٓ إِخْوَةٌ فَلِأُمِّهِ ٱلسُّدُسُ ۚ مِنۢ بَعْدِ

(tanging) tagapagmana, ang ina ay may isang-katlo (1/3) (at ang malalabi ay sa kanyang ama); kung ang namatay ay nakaiwan ng mga kapatid na lalaki (o babae), ang ina ay may isang bahagi ng anim (1/6) (at ang malalabi ay sa ama, at walang bahagi ang mga kapatid). (Ang pagbabaha-bahagi sa lahat ng ito) ay matapos na mabayaran ang *Wasiyyah*[4] (habilin na hindi hihigit ng isang-katlo [1/3]) at mabayaran ang kanyang mga utang. Hindi ninyo batid kung sino sa kanila, maging (sila man) ay inyong magulang at mga anak, ang pinakamalapit sa inyo sa kapakinabangan, kaya't (ang natatakdaang paghahati-hati) ay ipinag-utos ni Allah. At si Allah ang Lalagi nang Ganap na Nakakaalam ng lahat, ang Tigib ng Karunungan.

وَصِيَّةٍ يُوصِى بِهَآ أَوْ دَيْنٍ ءَابَآؤُكُمْ وَأَبْنَآؤُكُمْ لَا تَدْرُونَ أَيُّهُمْ أَقْرَبُ لَكُمْ نَفْعًا ۚ فَرِيضَةً مِّنَ ٱللَّهِ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ عَلِيمًا حَكِيمًا ﴿١١﴾

12. Sa mga naiwan ng inyong kabiyak na babae, ang inyong bahagi ay kalahati kung sila ay hindi nakaiwan ng anumang anak, datapuwa't kung sila ay nakaiwan ng anak, kayo ay makakakuha ng isang-kapat (1/4), matapos na mabayaran ang *Wasiyyah* (habilin na hindi hihigit ng isang-katlo [1/3]) at mabayaran ang kanyang mga utang. Sa anumang inyong naiwan; ang kanilang (kabiyak na babae) ay may bahagi ng isang-kapat (1/4), kung kayo ay hindi nakaiwan ng anak; datapuwa't kung kayo ay nakaiwan ng anak, sila ay makakakuha ng isang-walo (1/8) matapos na mabayaran ang *Wasiyyah* (habilin na hindi hihigit ng isang-katlo [1/3]) at mabayaran ang kanyang mga utang. Kung ang babae o lalaki na ang pamana ay pinagtatalunan (o pinag-uusapan) pa ay hindi nakaiwan ng mga magulang at mga anak (ascendants and descendants), datapuwa't nakaiwan ng isang kapatid na lalaki o babae (sa ina), ang bawat isa sa dalawa ay makakakuha ng isang-anim (1/6);

۞ وَلَكُمْ نِصْفُ مَا تَرَكَ أَزْوَٰجُكُمْ إِن لَّمْ يَكُن لَّهُنَّ وَلَدٌ ۚ فَإِن كَانَ لَهُنَّ وَلَدٌ فَلَكُمُ ٱلرُّبُعُ مِمَّا تَرَكْنَ ۚ مِنۢ بَعْدِ وَصِيَّةٍ يُوصِينَ بِهَآ أَوْ دَيْنٍ ۚ وَلَهُنَّ ٱلرُّبُعُ مِمَّا تَرَكْتُمْ إِن لَّمْ يَكُن لَّكُمْ وَلَدٌ ۚ فَإِن كَانَ لَكُمْ وَلَدٌ فَلَهُنَّ ٱلثُّمُنُ مِمَّا تَرَكْتُم ۚ مِّنۢ بَعْدِ وَصِيَّةٍ تُوصُونَ بِهَآ أَوْ دَيْنٍ ۗ وَإِن كَانَ رَجُلٌ يُورَثُ كَلَٰلَةً أَوِ ٱمْرَأَةٌ وَلَهُۥٓ أَخٌ أَوْ أُخْتٌ فَلِكُلِّ وَٰحِدٍ مِّنْهُمَا ٱلسُّدُسُ ۚ فَإِن كَانُوٓا۟ أَكْثَرَ مِن ذَٰلِكَ فَهُمْ شُرَكَآءُ فِى ٱلثُّلُثِ ۚ مِنۢ بَعْدِ وَصِيَّةٍ يُوصَىٰ بِهَآ أَوْ دَيْنٍ ۙ غَيْرَ مُضَآرٍّ ۚ وَصِيَّةً مِّنَ ٱللَّهِ ۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌ حَلِيمٌ ﴿١٢﴾

[4] Ang *Wasiyyah* o Huling Habilin ay nagiging legal ayon sa dalawang kundisyon: una, ito ay hindi hihigit ng isang-katlo (1/3); at ikalawa, ang binigyan ng huling habilin ay hindi kasama sa mga legal na tagapagmana tulad ng kanyang asawa o sariling anak o isa sa kanyang mga magulang.

datapuwa't kung mahigit sa dalawa, sila ay maghahati sa isang-katlo (1/3), matapos na mabayaran ang *Wasiyyah* (habilin na hindi hihigit ng isang-katlo [1/3]) at mabayaran ang kanyang mga utang, sa kundisyon na walang anumang pagkalugi (pagkaagrabiyado) ang mangyayari (sa sinuman sa mga legal na tagapagmana). Ito ay isang pag-uutos mula kay Allah at si Allah ang Ganap na Nakababatid, ang Pinakamapagpaumanhin.

تِلْكَ حُدُودُ ٱللَّهِ ۚ وَمَن يُطِعِ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ يُدْخِلْهُ جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَا ۚ وَذَٰلِكَ ٱلْفَوْزُ ٱلْعَظِيمُ ﴿١٣﴾

13. Ito ang mga pag-uutos (alituntunin) na itinakda ni Allah (tungkol sa mga pamana), at sinumang sumunod kay Allah at sa Kanyang Sugo (Muhammad) ay tatanggapin sa Hardin (ng Paraiso) na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso) upang manahan dito magpakailanman; at ito ang pinakasukdol na tagumpay.

وَمَن يَعْصِ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ وَيَتَعَدَّ حُدُودَهُۥ يُدْخِلْهُ نَارًا خَٰلِدًا فِيهَا وَلَهُۥ عَذَابٌ مُّهِينٌ ﴿١٤﴾

14. At sinuman ang sumusuway kay Allah at sa Kanyang Sugo (Muhammad) at nagmamalabis (lumalabag) sa Kanyang mga itinakda na alituntunin, siya ay Kanyang ihahagis (parurusahan) sa Apoy (ng Impiyerno) upang manahan dito magpakailanman, at sasakanya ang kaaba-abang kaparusahan.

وَٱلَّٰتِى يَأْتِينَ ٱلْفَٰحِشَةَ مِن نِّسَآئِكُمْ فَٱسْتَشْهِدُوا عَلَيْهِنَّ أَرْبَعَةً مِّنكُمْ ۖ فَإِن شَهِدُوا فَأَمْسِكُوهُنَّ فِى ٱلْبُيُوتِ حَتَّىٰ يَتَوَفَّىٰهُنَّ ٱلْمَوْتُ أَوْ يَجْعَلَ ٱللَّهُ لَهُنَّ سَبِيلًا ﴿١٥﴾

15. At sinuman sa inyong kababaihan ang magkasala ng kahalayan (pakikiapid), inyong kunin ang apat na saksi (mga kalalakihang Muslim na mapagkakatiwalaan) mula sa inyong lipon laban sa kanila; at kung sila ay magbigay-saksi, panatilihin sila (ang mga babae) sa bahay hanggang ang kamatayan ay sumapit sa kanila o hanggang si Allah ay magtakda sa kanila ng (ibang) paraan[5] .

وَٱلَّذَانِ يَأْتِيَٰنِهَا مِنكُمْ فَـَٔاذُوهُمَا ۖ فَإِن تَابَا وَأَصْلَحَا فَأَعْرِضُوا عَنْهُمَآ ۗ

16. At kung ang dalawang tao (lalaki at babae) sa lipon ninyo ay nakagawa ng kahalayan (pakikiapid), sila ay kapwa parusahan. At kung

[5] Ang "ibang paraan" (alalaong baga, ang kaparusahan), di nagtagal ay ipinahayag sa Surah An-Nur, talata bilang 2, na nagpapawalang-bisa sa kautusan ng talatang nabanggit sa itaas; at nagtatakda ng paghagupit para sa walang asawa at pagbato hanggang sa mamatay para sa may asawa, kung may apat na testigo na magpapatotoo sa krimen.

sila ay magbalik-loob kay Allah sa pagsisisi at magbago (alalaong baga, nangako kay Allah na hindi na nila kailanman uulitin ang gayong gawa at iba pang katulad na kasalanan) at gumawa ng mga kabutihan, inyong hayaan sila na mapag-isa. Katotohanang si Allah ang Tanging Isa na tumatanggap ng pagsisisi, ang Pinakamaawain.

إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ تَوَّابًا رَّحِيمًا ﴿١٦﴾

17. Si Allah ay tumatanggap ng pagsisisi ng mga nakagawa ng kasamaan sa kawalan ng muwang (pagiging inosente) at karaka-raka'y nagsisi matapos ito; sa kanila ay ibabaling ni Allah ang Kanyang kapatawaran; at si Allah ay Ganap na Maalam at Tigib ng Karunungan.

إِنَّمَا ٱلتَّوْبَةُ عَلَى ٱللَّهِ لِلَّذِينَ يَعْمَلُونَ ٱلسُّوٓءَ بِجَهَٰلَةٍ ثُمَّ يَتُوبُونَ مِن قَرِيبٍ فَأُوْلَٰٓئِكَ يَتُوبُ ٱللَّهُ عَلَيْهِمْ ۗ وَكَانَ ٱللَّهُ عَلِيمًا حَكِيمًا ﴿١٧﴾

18. Walang katuturan ang pagtitika (pagsisisi) ng mga nagpapatuloy pa rin sa paggawa ng kasamaan, hanggang ang kamatayan ay dumatal sa isa sa kanila, at siya ay magsabi: "Ngayon, ako ay tunay na nagsisisi", gayundin naman ang mga dinatnan ng kamatayan habang sila ay nagtatakwil sa Pananampalataya (sa Islam); sa kanila ay Aming inihanda ang kasakit-sakit na kaparusahan.

وَلَيْسَتِ ٱلتَّوْبَةُ لِلَّذِينَ يَعْمَلُونَ ٱلسَّيِّـَٔاتِ حَتَّىٰٓ إِذَا حَضَرَ أَحَدَهُمُ ٱلْمَوْتُ قَالَ إِنِّى تُبْتُ ٱلْـَٰٔنَ وَلَا ٱلَّذِينَ يَمُوتُونَ وَهُمْ كُفَّارٌ ۚ أُوْلَٰٓئِكَ أَعْتَدْنَا لَهُمْ عَذَابًا أَلِيمًا ﴿١٨﴾

19. O kayong nagsisisampalataya! Kayo ay pinagbawalan na inyong manahin (ariin) ang mga babae nang sapilitan[6] at sila ay huwag ninyong pakitunguhan ng may kagaspangan, upang inyong mabawi ang bahagi ng *Mahr* (dote o handog) na inyong ipinagkaloob sa kanila, maliban na lamang kung sila ay nagkasala ng lantad na kahalayan (pakikiapid). At kayo ay mamuhay sa kanilang piling ng may dangal. At kung sila ay inyong kasuyaan, marahil ay nasusuya kayo sa isang bagay, at si Allah ay maghahatid sa inyo sa pamamagitan nito ng maraming kabutihan.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا يَحِلُّ لَكُمْ أَن تَرِثُوا۟ ٱلنِّسَآءَ كَرْهًا ۖ وَلَا تَعْضُلُوهُنَّ لِتَذْهَبُوا۟ بِبَعْضِ مَآ ءَاتَيْتُمُوهُنَّ إِلَّآ أَن يَأْتِينَ بِفَٰحِشَةٍ مُّبَيِّنَةٍ ۚ وَعَاشِرُوهُنَّ بِٱلْمَعْرُوفِ ۚ فَإِن كَرِهْتُمُوهُنَّ فَعَسَىٰٓ أَن تَكْرَهُوا۟ شَيْـًٔا وَيَجْعَلَ ٱللَّهُ فِيهِ خَيْرًا كَثِيرًا ﴿١٩﴾

---

[6] Bago pa ipinahayag ang Islam (kay Propeta Muhammad, sa panahon ng *Jahiliyyah* o Kamangmangan), ang kinagawian noon ay kung ang lalaki ay namatay, ang kanyang kamag-anak na mga lalaki ang kinagisnan na may karapatan na gawin nila kung anuman ang gusto nilang gawin sa kanyang asawang babae. Kung ang isa sa kanila ay magnais; siya ay kanyang pakakasalan, o ipangasawa siya sa iba, o pagbawalan siya na mag-asawa, sapagkat sila ay may higit na karapatan sa kanya (balong babae) nang higit sa kanyang sariling pamilya. Di naglaon, ang *Ayah* na ito ay ipinahayag ni Allah na tumutukoy sa gawaing ito. (Ibn Kathir, Vol. 2/407)

20. Datapuwa't kung inyong ninanais na palitan ng iba ang inyong kabiyak na babae at kayo ay nagbigay (noon) sa isa sa kanila ng malaking yaman bilang *Mahr* (dote o handog), huwag ninyong bawiin kahit na ang pinakamaliit nito. Inyo baga itong babawiin ng may kamalian at walang karapatan, at (kayo) ay gagawa ng lantad na kasalanan?

وَإِنْ أَرَدتُّمُ ٱسْتِبْدَالَ زَوْجٍ مَّكَانَ زَوْجٍ وَءَاتَيْتُمْ إِحْدَىٰهُنَّ قِنطَارًا فَلَا تَأْخُذُوا۟ مِنْهُ شَيْـًٔا ۚ أَتَأْخُذُونَهُۥ بُهْتَٰنًا وَإِثْمًا مُّبِينًا ﴿٢٠﴾

21. At paano ninyo ito babawiin kung kayong dalawa ay nagsiping na sa isa't isa, at sila ay kumuha sa inyo nang matatag at taimtim na kasunduan (alalaong baga, ang maringal [legal] na kasal)?

وَكَيْفَ تَأْخُذُونَهُۥ وَقَدْ أَفْضَىٰ بَعْضُكُمْ إِلَىٰ بَعْضٍ وَأَخَذْنَ مِنكُم مِّيثَٰقًا غَلِيظًا ﴿٢١﴾

22. At huwag ninyong pangasawahin ang babae na napangasawa (noon) ng inyong ama, maliban na lamang sa mga nangyari noong una[7] . Katotohanang ito ay kahiya-hiya at kasuklam-suklam at isang masamang gawi (o kinagisnan).

وَلَا تَنكِحُوا۟ مَا نَكَحَ ءَابَآؤُكُم مِّنَ ٱلنِّسَآءِ إِلَّا مَا قَدْ سَلَفَ ۚ إِنَّهُۥ كَانَ فَٰحِشَةً وَمَقْتًا وَسَآءَ سَبِيلًا ﴿٢٢﴾

23. Ipinagbabawal sa inyo (O kalalakihan, na mapangasawa) ang (mga sumusunod): ang inyong ina, anak na babae, kapatid na babae, kapatid na babae ng inyong ama, kapatid na babae ng inyong ina, anak na babae ng inyong kapatid na lalaki, anak na babae ng inyong kapatid na babae, ang babae na nagpasuso sa inyo[8] , ang inyong kinakapatid na babae (dahil sa pagsuso), ang ina ng inyong kabiyak, ang inyong anak-anakang babae na nasa ilalim ng inyong pangangalaga, na naging anak (sa ibang asawa) ng inyong kabiyak na inyong sinipingan, - datapuwa't kung kayo ay hindi sumiping sa kanya (ang inyong kabiyak at nagkahiwalay na kayo), ito ay hindi kasalanan sa inyo na pangasawahin ang inyong anak-anakang babae,

حُرِّمَتْ عَلَيْكُمْ أُمَّهَٰتُكُمْ وَبَنَاتُكُمْ وَأَخَوَٰتُكُمْ وَعَمَّٰتُكُمْ وَخَٰلَٰتُكُمْ وَبَنَاتُ ٱلْأَخِ وَبَنَاتُ ٱلْأُخْتِ وَأُمَّهَٰتُكُمُ ٱلَّٰتِىٓ أَرْضَعْنَكُمْ وَأَخَوَٰتُكُم مِّنَ ٱلرَّضَٰعَةِ وَأُمَّهَٰتُ نِسَآئِكُمْ وَرَبَٰٓئِبُكُمُ ٱلَّٰتِى فِى حُجُورِكُم مِّن نِّسَآئِكُمُ ٱلَّٰتِى دَخَلْتُم بِهِنَّ فَإِن لَّمْ تَكُونُوا۟ دَخَلْتُم بِهِنَّ فَلَا جُنَاحَ عَلَيْكُمْ وَحَلَٰٓئِلُ أَبْنَآئِكُمُ ٱلَّذِينَ مِنْ أَصْلَٰبِكُمْ وَأَن تَجْمَعُوا۟ بَيْنَ ٱلْأُخْتَيْنِ إِلَّا مَا قَدْ

---

[7] Matapos ang kautusang ito ay ipinahayag ni Allah, ang kalalakihan ay pinag-atasan na pakawalan nila ang mga babaeng yaon na hindi na marapat sa kanila (alalaong baga; ang ina-inahan, ang isa sa dalawang magkapatid na babae, o sinumang may asawa na higit sa takdang bilang na apat). Ang katulad din na obligasyon ay naaangkop sa sinuman, matapos na siya ay yumakap o tumanggap sa Islam.

[8] Kung ang (pagkakataon) ng pagpapasuso ay kulang sa limang beses, ito ay hindi maaaring panghawakan upang pagbawalan ang pag-aasawa. (Ibn Kathir, Vol. 2/416)

ang naging asawa ng inyong anak na lalaki na nanggaling sa himaymay ng inyong laman, at inyong pinangasawa (pinakasalan) ang dalawang magkapatid (na babae) nang sabay[9] , maliban na lamang sa nangyari noong una (bago pa dumating ang Islam); sapagkat si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

سَلَفَ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ غَفُورًا رَّحِيمًا ﴿٢٣﴾

[9] Gayundin, hindi pinahihintulutan na mapangasawa nang sabay ang isang babae at ang kanyang tiya (ang kapatid na babae ng kanyang ama o ina) ayon sa *Hadith*. (Tafsir al-Muyassar, p. 81)

24. Gayundin (ay ipinagbabawal sa inyo) ang mga babaeng may asawa na, maliban sa angkin ng inyong kanang kamay[10] . (Ito ang) pag-uutos ni Allah sa inyo. Ang lahat ng iba pa maliban (sa ipinagbabawal) dito ay marapat sa inyo, kung sila ay inyong hinanap (na may layunin) ng pagpapakasal at (ginawaran) sila ng *Mahr* (dote o handog) mula sa inyong ari-arian, na naghahangad ng kalinisan at hindi kahalayan (pakikiapid). Kaya't sila na inyong napangasawa at nakapiling sa pagtatamasa ng kaligayahan sa pakikipagtalik, sila ay inyong gawaran ng takdang *Mahr* (dote o handog) bilang isang katungkulan. At walang kamalian sa inyo kung anuman ang inyong magkapanabay na pinagkasunduan na lagpas sa katungkulan (obligasyon). Katotohanang si Allah ay Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan.

۞ وَٱلْمُحْصَنَٰتُ مِنَ ٱلنِّسَآءِ إِلَّا مَا مَلَكَتْ
أَيْمَٰنُكُمْ ۖ كِتَٰبَ ٱللَّهِ عَلَيْكُمْ ۚ وَأُحِلَّ لَكُم مَّا
وَرَآءَ ذَٰلِكُمْ أَن تَبْتَغُوا۟ بِأَمْوَٰلِكُم
مُّحْصِنِينَ غَيْرَ مُسَٰفِحِينَ ۚ فَمَا ٱسْتَمْتَعْتُم
بِهِۦ مِنْهُنَّ فَـَٔاتُوهُنَّ أُجُورَهُنَّ فَرِيضَةً ۚ وَلَا
جُنَاحَ عَلَيْكُمْ فِيمَا تَرَٰضَيْتُم بِهِۦ مِنۢ بَعْدِ
ٱلْفَرِيضَةِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ عَلِيمًا حَكِيمًا ﴿٢٤﴾

25. At sinuman sa inyo ang walang kakayahan na magbigay ng *Mahr* (dote o handog) upang magpakasal sa isang malaya at sumasampalatayang babae, maaari siyang magpakasal sa isa sa mga sumasampalatayang babae na angkin ng inyong kanang kamay; at si Allah ay Ganap na Nakababatid sa inyong pananampalataya; kayo ay nagmula sa isa't isa (alalaong baga, kayo ay magkakapantay na walang pagtatangi-tangi, maging kayo man ay isang malaya o isang alipin sapagkat kayong lahat ay nagmula kay Adan); pakasalan sila sa pahintulot ng nangangalaga sa kanila at ibigay sa kanila ang kanilang *Mahr* (dote o handog) nang makatarungan; sila ay marapat na malinis (mahinhin) na hindi nakikiapid at walang kalaguyo. At kung sila ay pinakasalan na, at nagkasala ng kahalayan (pakikiapid), ang kanilang kaparusahan ay kalahati ng (kaparusahan) ng isang malayang babae (hindi alipin). Ito (alalaong baga, ang pag-aasawa ng alipin) ay para sa kanya mula sa lipon ninyo na

وَمَن لَّمْ يَسْتَطِعْ مِنكُمْ طَوْلًا أَن يَنكِحَ
ٱلْمُحْصَنَٰتِ ٱلْمُؤْمِنَٰتِ فَمِن مَّا مَلَكَتْ
أَيْمَٰنُكُم مِّن فَتَيَٰتِكُمُ ٱلْمُؤْمِنَٰتِ ۚ وَٱللَّهُ
أَعْلَمُ بِإِيمَٰنِكُمْ ۚ بَعْضُكُم مِّنۢ بَعْضٍ ۚ
فَٱنكِحُوهُنَّ بِإِذْنِ أَهْلِهِنَّ وَءَاتُوهُنَّ
أُجُورَهُنَّ بِٱلْمَعْرُوفِ مُحْصَنَٰتٍ غَيْرَ
مُسَٰفِحَٰتٍ وَلَا مُتَّخِذَٰتِ أَخْدَانٍ ۚ فَإِذَآ
أُحْصِنَّ فَإِنْ أَتَيْنَ بِفَٰحِشَةٍ فَعَلَيْهِنَّ
نِصْفُ مَا عَلَى ٱلْمُحْصَنَٰتِ مِنَ ٱلْعَذَابِ ۚ
ذَٰلِكَ لِمَنْ خَشِىَ ٱلْعَنَتَ مِنكُمْ ۚ وَأَن
تَصْبِرُوا۟ خَيْرٌ لَّكُمْ ۗ وَٱللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٢٥﴾

[10] Alalaong baga, mga alipin o mga bihag ng digmaan ~~na~~ may asawang lalaki na mapagsamba sa diyus-diyosan (hindi pa Muslim).

nangangamba sa kasalanan (pangangalunya); datapuwa't ang pagiging matiyaga ay higit na mainam sa inyo. At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

يُرِيدُ ٱللَّهُ لِيُبَيِّنَ لَكُمْ وَيَهْدِيَكُمْ سُنَنَ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِكُمْ وَيَتُوبَ عَلَيْكُمْ ۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ ﴿٢٦﴾

26. Ninanais lamang ni Allah na maging maliwanag sa inyo (kung ano ang pinahihintulutan at kung ano ang hindi pinahihintulutan) at upang maipakita sa inyo ang mga paraan ng mga nangauna sa inyo at tanggapin ang inyong pagsisisi, at si Allah ang Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan.

وَٱللَّهُ يُرِيدُ أَن يَتُوبَ عَلَيْكُمْ وَيُرِيدُ ٱلَّذِينَ يَتَّبِعُونَ ٱلشَّهَوَٰتِ أَن تَمِيلُوا۟ مَيْلًا عَظِيمًا ﴿٢٧﴾

27. Ninanais ni Allah na tanggapin ang inyong pagsisisi, datapuwa't ang mga sumusunod sa kanilang mga pagnanasa ay naghahangad sa inyo (na mga sumasampalataya) na kayo ay lubhang malihis nang malayo sa tamang landas.

يُرِيدُ ٱللَّهُ أَن يُخَفِّفَ عَنكُمْ ۚ وَخُلِقَ ٱلْإِنسَٰنُ ضَعِيفًا ﴿٢٨﴾

28. Ninanais ni Allah na maging magaan sa inyo (ang Kanyang mga batas at pag-uutos), at ang sangkatauhan ay nilikha na mahina (upang labanan ang kanyang mga pagnanasa).

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَأْكُلُوٓا۟ أَمْوَٰلَكُم بَيْنَكُم بِٱلْبَٰطِلِ إِلَّآ أَن تَكُونَ تِجَٰرَةً عَن تَرَاضٍ مِّنكُمْ ۚ وَلَا تَقْتُلُوٓا۟ أَنفُسَكُمْ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ بِكُمْ رَحِيمًا ﴿٢٩﴾

29. O kayong sumasampalataya! Huwag lamunin (waldasin o ubusin) ng ilan sa inyo ang ari-arian ng iba ng walang kapararakan (di-makatarungan at nasa ilalim ng maling karangyaan), datapuwa't (sa makatarungang) pangangalakal lamang sa pamamagitan ng magkapanabay na pahintulot, at huwag magpatayan sa isa't isa, katotohanang si Allah sa inyo ay Pinakamaawain!

وَمَن يَفْعَلْ ذَٰلِكَ عُدْوَٰنًا وَظُلْمًا فَسَوْفَ نُصْلِيهِ نَارًا ۚ وَكَانَ ذَٰلِكَ عَلَى ٱللَّهِ يَسِيرًا ﴿٣٠﴾

30. At sinuman ang gumawa nito (alalaong baga, ang mga nabanggit sa unahan na ipinagbabawal) sa pagmamalabis at kawalang-katarungan, siya ay Aming ihahagis (ibubulid) sa Apoy, at ito ay magaan lamang kay Allah.

إِن تَجْتَنِبُوا۟ كَبَآئِرَ مَا تُنْهَوْنَ عَنْهُ نُكَفِّرْ عَنكُمْ سَيِّـَٔاتِكُمْ وَنُدْخِلْكُم مُّدْخَلًا

31. At kung inyong iiwasan ang mga karumal-dumal na kasalanan[11] na sa inyo ay ipinagbabawal, ipatatawad Namin sa inyo ang

[11] Katulad ng pagtatambal ng mga iba pa kay Allah sa pagsamba (sa Kanya), ang pagpatay sa sinuman ng walang katarungan, ang pagiging palasuway sa mga magulang, ang pagsasagawa ng mahika o salamangka, ang paggamit ng *Riba* (patubo sa salapi o interes), ang pag-ubos sa kayamanan ng ulila at pagbibigay ng maling pahayag o maling pagsaksi, atbp. (Ibn Kathir, Vol. 2/436)

inyong maliliit na kasalanan at kayo ay tatanggapin sa Marangal na Tarangkahan (Paraiso).

كَرِيمًا ﴿٣١﴾

32. At huwag ninyong pag-imbutan ang mga bagay na ipinagkaloob ni Allah sa mga iba nang higit sa inyo. Sa mga lalaki ay mayroong bahagi sa anumang kanilang kinita, (gayundin naman) sa mga babae ay mayroong bahagi sa anumang kanilang kinita, datapuwa't kayo ay humingi kay Allah ng Kanyang Biyaya. Katotohanang si Allah ay may Ganap na Kaalaman sa lahat ng bagay.

وَلَا تَتَمَنَّوْا۟ مَا فَضَّلَ ٱللَّهُ بِهِۦ بَعْضَكُمْ عَلَىٰ بَعْضٍ ۚ لِّلرِّجَالِ نَصِيبٌ مِّمَّا ٱكْتَسَبُوا۟ ۖ وَلِلنِّسَآءِ نَصِيبٌ مِّمَّا ٱكْتَسَبْنَ ۚ وَسْـَٔلُوا۟ ٱللَّهَ مِن فَضْلِهِۦٓ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ بِكُلِّ شَىْءٍ عَلِيمًا ﴿٣٢﴾

33. At sa bawat isa, Kami ay nagtakda ng mga tagapagmana (ng ari-arian) na naiwan ng mga magulang at malapit na kamag-anak. At gayundin sa kanila na inyong ginawan ng pangako (o garantiya) ng pagkakapatiran[12], igawad sa kanila ang katampatang bahagi. Katotohanang si Allah ang saksi sa lahat ng bagay.

وَلِكُلٍّ جَعَلْنَا مَوَٰلِىَ مِمَّا تَرَكَ ٱلْوَٰلِدَانِ وَٱلْأَقْرَبُونَ ۚ وَٱلَّذِينَ عَقَدَتْ أَيْمَٰنُكُمْ فَـَٔاتُوهُمْ نَصِيبَهُمْ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ شَهِيدًا ﴿٣٣﴾

34. Ang kalalakihan ang tagapangalaga at tagapanustos ng kababaihan (alalaong baga, sà mga mag-asawa o may pamilya), sapagkat ito'y dahilan sa ipinagkaloob ni Allah sa lalaki na higit sa iba (babae), at sapagkat sila ay gumugugol (upang sila ay tustusan) mula sa kanilang kayamanan. Samakatuwid, ang matutuwid na kababaihan ay matimtiman sa pagsunod kay Allah at sa kanilang asawa, at nangangalaga sa panahong wala ang (kanilang asawa) sa bagay na ipinag-utos ni Allah na dapat nilang bantayan (alalaong baga, ang kalinisan ng kanilang pagkababae, ang ari-arian ng kanilang asawa, atbp.). Datapuwa't doon sa kanila (mga asawang babae) na inyong pinangangambahan sa (kanilang) pagiging mapagmataas, (sa una) sila ay pangaralan, (pangalawa) huwag sumiping sa kanila, (at

ٱلرِّجَالُ قَوَّٰمُونَ عَلَى ٱلنِّسَآءِ بِمَا فَضَّلَ ٱللَّهُ بَعْضَهُمْ عَلَىٰ بَعْضٍ وَبِمَآ أَنفَقُوا۟ مِنْ أَمْوَٰلِهِمْ ۚ فَٱلصَّٰلِحَٰتُ قَٰنِتَٰتٌ حَٰفِظَٰتٌ لِّلْغَيْبِ بِمَا حَفِظَ ٱللَّهُ ۚ وَٱلَّٰتِى تَخَافُونَ نُشُوزَهُنَّ فَعِظُوهُنَّ وَٱهْجُرُوهُنَّ فِى ٱلْمَضَاجِعِ وَٱضْرِبُوهُنَّ ۖ فَإِنْ أَطَعْنَكُمْ فَلَا تَبْغُوا۟ عَلَيْهِنَّ سَبِيلًا ۗ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ عَلِيًّا كَبِيرًا ﴿٣٤﴾

[12] Ang ganitong gawi ay sinunod sa simula ng Islam, ngunit di nagtagal ay pinawalang-bisa nang ang mga Muslim ay pinag-utusan na tumupad sa mga pangako o garantiya (ng pagkakapatiran) na kanila nang naibigay, (at) bagkus ay magtimpi (iwasan) na gumawang muli ng anumang bagong mga pangako (garantiya) matapos yaon. (Ibn Kathir, Vol. 2/440)

panghuli), saktan (paluin) sila (ng kanti lamang, kung ito ay makatutulong), datapuwa't kung sila ay magbalik-loob sa pagsunod, sila ay huwag ninyong hanapan (ng pagkayamot). Katotohanang si Allah ay Lalagi nang Pinakamataas, ang Pinakadakila.

وَإِنْ خِفْتُمْ شِقَاقَ بَيْنِهِمَا فَٱبْعَثُوا۟ حَكَمًا مِّنْ أَهْلِهِۦ وَحَكَمًا مِّنْ أَهْلِهَآ ۚ إِن يُرِيدَآ إِصْلَٰحًا يُوَفِّقِ ٱللَّهُ بَيْنَهُمَآ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ عَلِيمًا خَبِيرًا ﴿٣٥﴾

35. At kung kayo ay nangangamba na may pagkakahidwa sa pagitan nilang (mag-asawa), kayo ay magtalaga ng (dalawang) tagapamagitan (hukom); isa mula sa pamilya (ng lalaki) at ang isa ay mula sa pamilya (ng babae). Kung sila ay kapwa nagnanais ng pakikipagkasundo, si Allah ang magpapapangyari nito sa pagitan nila. Katotohanang si Allah ay Ganap na Maalam at nakatatalos ng lahat ng bagay.

۞ وَٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ وَلَا تُشْرِكُوا۟ بِهِۦ شَيْـًٔا ۖ وَبِٱلْوَٰلِدَيْنِ إِحْسَٰنًا وَبِذِى ٱلْقُرْبَىٰ وَٱلْيَتَٰمَىٰ وَٱلْمَسَٰكِينِ وَٱلْجَارِ ذِى ٱلْقُرْبَىٰ وَٱلْجَارِ ٱلْجُنُبِ وَٱلصَّاحِبِ بِٱلْجَنۢبِ وَٱبْنِ ٱلسَّبِيلِ وَمَا مَلَكَتْ أَيْمَٰنُكُمْ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يُحِبُّ مَن كَانَ مُخْتَالًا فَخُورًا ﴿٣٦﴾

36. Sambahin ninyo si Allah at huwag kayong magtambal ng anuman sa pagsamba sa Kanya, at maging mabait kayo sa mga magulang, mga kamag-anak, mga ulila, sa mahihirap na nangangailangan, sa kapitbahay na malapit na kamag-anak, sa kapitbahay na hindi kamag-anak, ang mga kasamahan na malapit sa inyo (ang mga matatalik na kaibigan), ang mga naglalakbay na kinapos ng panustos sa daan at sa mga angkin ng inyong kanang kamay (mga alipin). Katotohanang si Allah ay hindi nagmamahal sa mga mayayabang at hambog;

ٱلَّذِينَ يَبْخَلُونَ وَيَأْمُرُونَ ٱلنَّاسَ بِٱلْبُخْلِ وَيَكْتُمُونَ مَآ ءَاتَىٰهُمُ ٱللَّهُ مِن فَضْلِهِۦ ۗ وَأَعْتَدْنَا لِلْكَٰفِرِينَ عَذَابًا مُّهِينًا ﴿٣٧﴾

37. Sila na mga maramot at nag-uudyok din sa iba na maging maramot, at nagtatago ng mga biyaya na sa kanila ay ipinagkaloob ni Allah, at Aming inihanda sa mga walang pananampalataya ang kaaba-abang kaparusahan.

وَٱلَّذِينَ يُنفِقُونَ أَمْوَٰلَهُمْ رِئَآءَ ٱلنَّاسِ وَلَا يُؤْمِنُونَ بِٱللَّهِ وَلَا بِٱلْيَوْمِ ٱلْءَاخِرِ ۗ وَمَن يَكُنِ ٱلشَّيْطَٰنُ لَهُۥ قَرِينًا فَسَآءَ قَرِينًا ﴿٣٨﴾

38. At (gayundin, Aming inihanda ang kaaba-abang kaparusahan) sa mga gumugugol ng kanilang kayamanan upang mamalas lamang ng mga tao at hindi sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw (sila ang mga kaibigan ni Satanas), at sinumang pumili kay Satanas bilang kaibigan, kung gayon, tunay na masamang kasama siya!

وَمَاذَا عَلَيْهِمْ لَوْ ءَامَنُوا۟ بِٱللَّهِ وَٱلْيَوْمِ ٱلْـَٔاخِرِ وَأَنفَقُوا۟ مِمَّا رَزَقَهُمُ ٱللَّهُ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ بِهِمْ عَلِيمًا ﴿٣٩﴾

39. At ano ba ang mawawala (o kasahulan) sa kanila kung sila ay manampalataya kay Allah at sa Huling Araw, at sila ay gumugol mula sa kayamanan na ipinagkaloob sa kanila ni Allah? At si Allah ay Lalagi nang Ganap na Nakakaalam sa kanila.

إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَظْلِمُ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ ۖ وَإِن تَكُ حَسَنَةً يُضَٰعِفْهَا وَيُؤْتِ مِن لَّدُنْهُ أَجْرًا عَظِيمًا ﴿٤٠﴾

40. Katotohanang si Allah ay hindi kailanman nawalan ng katarungan kahit na katiting lamang; kung anumang mabuti (ang nagawa), ito ay Kanyang pinag-iibayo ng dalawang ulit, at Siya ay nagkakaloob ng malaking gantimpala.

فَكَيْفَ إِذَا جِئْنَا مِن كُلِّ أُمَّةٍۭ بِشَهِيدٍ وَجِئْنَا بِكَ عَلَىٰ هَٰٓؤُلَآءِ شَهِيدًا ﴿٤١﴾

41. Paano na ang sangkatauhan (sa Araw ng Paghuhukom), kung Kami ay magpadala mula sa bawat pamayanan (bansa) ng isang saksi (ang Propetang ipinadala sa kanila) at ikaw (O Muhammad) ay ipadala Namin bilang isang saksi sa lahat ng bansa?

يَوْمَئِذٍ يَوَدُّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَعَصَوُا۟ ٱلرَّسُولَ لَوْ تُسَوَّىٰ بِهِمُ ٱلْأَرْضُ وَلَا يَكْتُمُونَ ٱللَّهَ حَدِيثًا ﴿٤٢﴾

42. Sa Araw na yaon, ang mga nagtakwil ng pananampalataya (ni Allah) at hindi sumunod sa Sugo (Muhammad) ay maghahangad na ang kalupaan ay tumabon sa kanila. At hindi nila magagawang ilingid kay Allah kahit na ang isang pangungusap.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَقْرَبُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ وَأَنتُمْ سُكَٰرَىٰ حَتَّىٰ تَعْلَمُوا۟ مَا تَقُولُونَ وَلَا جُنُبًا إِلَّا عَابِرِى سَبِيلٍ حَتَّىٰ تَغْتَسِلُوا۟ ۚ وَإِن كُنتُم مَّرْضَىٰٓ أَوْ عَلَىٰ سَفَرٍ أَوْ جَآءَ أَحَدٌ مِّنكُم مِّنَ ٱلْغَآئِطِ أَوْ لَٰمَسْتُمُ ٱلنِّسَآءَ فَلَمْ تَجِدُوا۟ مَآءً فَتَيَمَّمُوا۟ صَعِيدًا طَيِّبًا فَٱمْسَحُوا۟ بِوُجُوهِكُمْ وَأَيْدِيكُمْ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ عَفُوًّا غَفُورًا ﴿٤٣﴾

43. O kayong nagsisisimpalataya, huwag kayong lumapit sa *Salah* (takdang panalangin) habang kayo ay nasa langong kalagayan hanggang inyong maunawaan kung ano ang inyong inuusal[13] , gayundin (huwag mag-alay ng *Salah* at pumasok sa loob ng *Masjid* (o Bahay Dalanginan) kung kayo ay nasa kalagayan ng *Janaba* (kalagayan ng kawalang-kalinisan kung nakipagtalik at hindi pa nakakapaligo), maliban na lamang kung kayo ay dumaraan (lamang sa *Masjid*), hanggang sa makapaghugas kayo ng inyong buong katawan. Kung kayo ay may sakit o naglalakbay, o katatapos lamang ninyo na dumumi (o umihi), o kayo ay nagkaroon ng pakikipagtalik at kayo ay hindi makatagpo ng tubig, kung gayon, kayo ay magsagawa ng *Tayammum* (paglilinis na walang tubig) sa

[13] Ang paggamit (o pag-inom) ng nakalalangong bagay ay di nagtagal at ito ay ganap na ipinagbawal. (Tunghayan ang Surah 5:90-91)

pamamagitan ng malinis na lupa at inyong haplusin (sa pamamagitan) nito ang inyong mukha at mga kamay. Katotohanang si Allah ang pumapalis ng kasalanan, ang Lagi nang Nagpapatawad.

44. Hindi ba ninyo napagmamalas sila na pinagkalooban ng bahagi ng aklat (ang mga Hudyo), na bumibili ng maling landas at naghahangad na kayo ay mapaligaw sa tamang landas.

أَلَمْ تَرَ إِلَى ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ نَصِيبًا مِّنَ ٱلْكِتَٰبِ يَشْتَرُونَ ٱلضَّلَٰلَةَ وَيُرِيدُونَ أَن تَضِلُّوا۟ ٱلسَّبِيلَ ﴿٤٤﴾

45. Si Allah ay may ganap na kaalaman sa inyong mga kaaway, at si Allah ay sapat na bilang *Wali* (Tagapangalaga), at si Allah ay sapat na bilang Tagapagtangkilik.

وَٱللَّهُ أَعْلَمُ بِأَعْدَآئِكُمْ ۚ وَكَفَىٰ بِٱللَّهِ وَلِيًّا وَكَفَىٰ بِٱللَّهِ نَصِيرًا ﴿٤٥﴾

46. Sa lipon ng mga Hudyo ay mayroong ilan na nagbibigay ng maling kahulugan sa mga salita (laban) sa tunay (nitong) kahulugan at nagsasabi: "Aming naririnig ang iyong salita (O Muhammad) at kami ay sumusuway," at "Nakikinig at hinayaan ka (namin, O Muhammad) na walang mapakinggan." At "*Ra'ina*"[14], sa gagad ng kanilang dila at panunuya sa Relihiyon (Islam). At kung kanila lamang sinabi: "Kami ay nakakarinig at sumusunod," at "Hayaang kami ay makaunawa," ito ay higit (sana) na naging mabuti sa kanila at higit na katampatan, datapuwa't si Allah ay sumumpa sa kanila dahilan sa kanilang kawalan ng pananampalataya at ilan lamang sa kanila ang sumasampalataya.

مِّنَ ٱلَّذِينَ هَادُوا۟ يُحَرِّفُونَ ٱلْكَلِمَ عَن مَّوَاضِعِهِۦ وَيَقُولُونَ سَمِعْنَا وَعَصَيْنَا وَٱسْمَعْ غَيْرَ مُسْمَعٍ وَرَٰعِنَا لَيًّۢا بِأَلْسِنَتِهِمْ وَطَعْنًا فِى ٱلدِّينِ ۚ وَلَوْ أَنَّهُمْ قَالُوا۟ سَمِعْنَا وَأَطَعْنَا وَٱسْمَعْ وَٱنظُرْنَا لَكَانَ خَيْرًا لَّهُمْ وَأَقْوَمَ وَلَٰكِن لَّعَنَهُمُ ٱللَّهُ بِكُفْرِهِمْ فَلَا يُؤْمِنُونَ إِلَّا قَلِيلًا ﴿٤٦﴾

47. O kayo na mga pinagkalooban ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)! Magsisampalataya kayo sa Aming ipinahayag (kay Muhammad) na nagpapatotoo (ng *Torah* [Mga Batas]) na nasa sa inyo, bago Namin burahin (palisin) ang mga mukha (sa pamamagitan ng pagbibigay-hubog dito na tulad ng batok na walang ilong, bibig, mata) at ilagay (ibalik) sa likuran, o ang isumpa sila kung paano Namin isinumpa ang mga lumalabag sa araw ng Sabado, sapagkat ang

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ ءَامِنُوا۟ بِمَا نَزَّلْنَا مُصَدِّقًا لِّمَا مَعَكُم مِّن قَبْلِ أَن نَّطْمِسَ وُجُوهًا فَنَرُدَّهَا عَلَىٰٓ أَدْبَارِهَآ أَوْ نَلْعَنَهُمْ كَمَا لَعَنَّآ أَصْحَٰبَ ٱلسَّبْتِ ۚ وَكَانَ أَمْرُ ٱللَّهِ مَفْعُولًا ﴿٤٧﴾

[14] Ang kahulugan nito mula sa wikang Arabik ay: "Maging maingat, [kayo] ay makinig sa amin at kami ay nakikinig sa inyo", ngunit, sa wikang Hebreo, ito ay nangangahulugan na "isang insulto".

pasya ni Allah ay matutupad (mangingibabaw).

إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَغْفِرُ أَن يُشْرَكَ بِهِۦ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَٰلِكَ لِمَن يَشَآءُ ۚ وَمَن يُشْرِكْ بِٱللَّهِ فَقَدِ ٱفْتَرَىٰٓ إِثْمًا عَظِيمًا ﴿٤٨﴾

48. Katotohanang si Allah ay hindi magpapatawad (sa kasalanan) ng pagtatambal sa Kanya (sa pagsamba), datapuwa't Siya ay magpapatawad kung ano ang kulang (o hindi nakaabot dito) sa sinumang Kanyang maibigan, at sinumang magtambal sa pagsamba kay Allah, katotohanang siya ay gumawa ng kahambal-hambal na kasalanan.

أَلَمْ تَرَ إِلَى ٱلَّذِينَ يُزَكُّونَ أَنفُسَهُم ۚ بَلِ ٱللَّهُ يُزَكِّى مَن يَشَآءُ وَلَا يُظْلَمُونَ فَتِيلًا ﴿٤٩﴾

49. Hindi ba ninyo napagmamasdan ang mga nag-aangkin ng kabanalan (kadalisayan) para sa kanilang sarili. Datapuwa't si Allah ang nagpapabanal (nagkakaloob ng kadalisayan) sa sinumang Kanyang mapusuan at sila ay hindi pakikitunguhan ng kawalang-katarungan kahit na katumbas lang ng isang *Fatila* (isang hibla ng kaliskis ng buto ng palmera [datiles]).

ٱنظُرْ كَيْفَ يَفْتَرُونَ عَلَى ٱللَّهِ ٱلْكَذِبَ ۖ وَكَفَىٰ بِهِۦٓ إِثْمًا مُّبِينًا ﴿٥٠﴾

50. Pagmasdan, kung paano sila kumakatha ng kasinungalingan laban kay Allah, at sapat na ito bilang isang lantad na kasalanan.

أَلَمْ تَرَ إِلَى ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ نَصِيبًا مِّنَ ٱلْكِتَٰبِ يُؤْمِنُونَ بِٱلْجِبْتِ وَٱلطَّٰغُوتِ وَيَقُولُونَ لِلَّذِينَ كَفَرُوا۟ هَٰٓؤُلَآءِ أَهْدَىٰ مِنَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ سَبِيلًا ﴿٥١﴾

51. Hindi ba ninyo napagmamalas ang mga nabigyan ng Kasulatan? Sila ay nananam-palataya sa *Jibt* at *Taghut* (anumang sinasamba maliban sa Tunay at Nag-iisang Diyos [Allah], huwad na mga diyus-diyosan, atbp.)[15], at nagsasabi sa mga hindi sumasampalataya, na sila ay higit at mainam na napapatnubayan (sa tamang landas) kung ihahambing sa mga sumasampalataya (mga Muslim).

أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ لَعَنَهُمُ ٱللَّهُ ۖ وَمَن يَلْعَنِ ٱللَّهُ فَلَن تَجِدَ لَهُۥ نَصِيرًا ﴿٥٢﴾

52. Sila ang mga isinumpa ni Allah, at sa sinuman na sinusumpa ni Allah, kayo ay hindi makakatagpo para sa kanila ng (anumang) tagapagtangkilik.

أَمْ لَهُمْ نَصِيبٌ مِّنَ ٱلْمُلْكِ فَإِذًا لَّا يُؤْتُونَ ٱلنَّاسَ نَقِيرًا ﴿٥٣﴾

53. O mayroon ba silang kahati sa kapamahalaan o kapangyarihan? Ngunit (kung sila ay pagbibigyan), sila ay hindi magbibigay kahit na (katulad ng isang) sungot (ng palmera) sa kanilang kapwa tao.

أَمْ يَحْسُدُونَ ٱلنَّاسَ عَلَىٰ مَآ ءَاتَىٰهُمُ ٱللَّهُ مِن

54. O sila ba ay nananaghili sa mga tao

[15] Tulad ng imahen, demonyo, libingan, bato, araw, bituin, anghel, mga banal o sa kaninumang tao.

(alalaong baga, si Muhammad at ang kanyang mga tagasunod) sa anumang Biyaya na ipinagkaloob sa kanila ni Allah? Katotohanang Amin nang pinagkalooban ang angkan ni Abraham ng Aklat at *Al-Hikmah* (mga araling pang-Propeta, karunungan) at Aming ipinagkaloob sa kanila ang isang dakilang kaharian.

فَضْلِهِۦ ۖ فَقَدْ ءَاتَيْنَآ ءَالَ إِبْرَٰهِيمَ ٱلْكِتَٰبَ وَٱلْحِكْمَةَ وَءَاتَيْنَٰهُم مُّلْكًا عَظِيمًا ﴿٥٤﴾

55. Ang ilan sa kanila (na binigyan ng kasulatan) ay nanampalataya sa kanya (Muhammad), at ang ilan naman ay tumanggi (nagtakwil) sa kanya (Muhammad), at sapat na ang Impiyerno upang (sila) ay sunugin.

فَمِنْهُم مَّنْ ءَامَنَ بِهِۦ وَمِنْهُم مَّن صَدَّ عَنْهُ ۚ وَكَفَىٰ بِجَهَنَّمَ سَعِيرًا ﴿٥٥﴾

56. Katotohanan! Ang mga hindi sumampalataya sa Aming *Ayat* (mga kapahayagan, katibayan, aral, tanda, atbp.), sila ay Aming susunugin sa Apoy; at sa bawat sandali na ang kanilang balat ay malimit na nalilitson nang ganap, ito ay Aming papalitan ng bago at sariwang balat upang kanilang matikman ang kaparusahan. Katotohanang si Allah ay Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا سَوْفَ نُصْلِيهِمْ نَارًا كُلَّمَا نَضِجَتْ جُلُودُهُم بَدَّلْنَٰهُمْ جُلُودًا غَيْرَهَا لِيَذُوقُوا۟ ٱلْعَذَابَ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ عَزِيزًا حَكِيمًا ﴿٥٦﴾

57. At ang mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at gumagawa ng kabutihan, sila ay Aming tatanggapin sa Hardin na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), mananahan sila rito magpakailanman. Sila ay magkakaroon dito ng dalisay na mga asawa (wala ng regla, dumi, ihi), at sila ay Aming tatanggapin sa maluwang at makapal na lilim (Paraiso).

وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ سَنُدْخِلُهُمْ جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَآ أَبَدًا ۖ لَّهُمْ فِيهَآ أَزْوَٰجٌ مُّطَهَّرَةٌ ۖ وَنُدْخِلُهُمْ ظِلًّا ظَلِيلًا ﴿٥٧﴾

58. Katotohanang si Allah ay nag-uutos sa inyo na inyong ibalik ang pagtitiwala sa kaninuman na nagmamay-ari nito, at kung kayo ay humatol sa pagitan ng mga tao, kayo ay humatol ng may katarungan. Katotohanan, tunay namang napakainam ng aral na ibinigay Niya sa inyo! Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nakakarinig, ang Ganap na Nagmamasid.

۞ إِنَّ ٱللَّهَ يَأْمُرُكُمْ أَن تُؤَدُّوا۟ ٱلْأَمَٰنَٰتِ إِلَىٰٓ أَهْلِهَا وَإِذَا حَكَمْتُم بَيْنَ ٱلنَّاسِ أَن تَحْكُمُوا۟ بِٱلْعَدْلِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ نِعِمَّا يَعِظُكُم بِهِۦٓ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ سَمِيعًۢا بَصِيرًا ﴿٥٨﴾

59. O kayong nagsisisampalataya! Sundin ninyo si Allah at sundin ang Sugo (Muhammad), at

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ أَطِيعُوا۟ ٱللَّهَ وَأَطِيعُوا۟ ٱلرَّسُولَ وَأُو۟لِى ٱلْأَمْرِ مِنكُمْ ۖ فَإِن تَنَٰزَعْتُمْ فِى شَىْءٍ فَرُدُّوهُ

إِلَى ٱللَّهِ وَٱلرَّسُولِ إِن كُنتُمْ تُؤْمِنُونَ بِٱللَّهِ وَٱلْيَوْمِ ٱلْآخِرِ ۚ ذَٰلِكَ خَيْرٌ وَأَحْسَنُ تَأْوِيلًا ﴿٥٩﴾

sila (na mga Muslim) sa inyong lipon na may kapamahalaan. At kung kayo ay may pagkakahidwa-hidwa sa anumang bagay sa pagitan ninyo, isangguni ninyo ito kay Allah at sa Kanyang Sugo kung kayo ay nananampalataya kay Allah at sa Huling Araw. Ito ang pinakamabuting paraan at may pinakamainam na kalalabasan.

أَلَمْ تَرَ إِلَى ٱلَّذِينَ يَزْعُمُونَ أَنَّهُمْ ءَامَنُوا۟ بِمَآ أُنزِلَ إِلَيْكَ وَمَآ أُنزِلَ مِن قَبْلِكَ يُرِيدُونَ أَن يَتَحَاكَمُوٓا۟ إِلَى ٱلطَّٰغُوتِ وَقَدْ أُمِرُوٓا۟ أَن يَكْفُرُوا۟ بِهِۦ وَيُرِيدُ ٱلشَّيْطَٰنُ أَن يُضِلَّهُمْ ضَلَٰلًۢا بَعِيدًا ﴿٦٠﴾

60. Napagmamalas ba ninyo sila (ang mga mapagkunwari), na nag-aangkin na sila ay sumasampalataya sa mga ipinanaog (na kapahayagan) sa iyo, at sa mga ipinanaog (na kapahayagan) nang una pa sa iyo, at sila ay nagnanais na tumungo (sumangguni) para sa kahatulan (ng kanilang mga pagkakahidwa) sa *Taghut* (mga huwad na hukom) samantalang sila ay pinag-utusan na ito ay talikdan. At si Satanas ay naghahangad na sila ay mapaligaw nang malayo.

وَإِذَا قِيلَ لَهُمْ تَعَالَوْا۟ إِلَىٰ مَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ وَإِلَى ٱلرَّسُولِ رَأَيْتَ ٱلْمُنَٰفِقِينَ يَصُدُّونَ عَنكَ صُدُودًا ﴿٦١﴾

61. At kapag ito ay ipinagbabadya sa kanila: "Halina kayo (at sumangguni) sa mga ipinanaog (na kapahayagan) ni Allah at sa Sugo (Muhammad), ikaw (O Muhammad) ay nakamamalas sa mga mapagkunwari na tumatalikod sa iyo ng may pag-iwas.

فَكَيْفَ إِذَآ أَصَٰبَتْهُم مُّصِيبَةٌۢ بِمَا قَدَّمَتْ أَيْدِيهِمْ ثُمَّ جَآءُوكَ يَحْلِفُونَ بِٱللَّهِ إِنْ أَرَدْنَآ إِلَّآ إِحْسَٰنًا وَتَوْفِيقًا ﴿٦٢﴾

62. Paano (na sila) kung ang malaking kapinsalaan (parusa) ay dumatal sa kanila dahilan sa (mga gawa) na inihantong ng kanilang mga kamay (mayroon bang makatutulong sa kanila?), pagkaraan, sila ay pumaparoon sa iyo na sumusumpa (sa Ngalan) ni Allah: "Wala kaming hinahangad maliban sa magandang pagtitinginan at pakikipagkasundo!"

أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ يَعْلَمُ ٱللَّهُ مَا فِى قُلُوبِهِمْ فَأَعْرِضْ عَنْهُمْ وَعِظْهُمْ وَقُل لَّهُمْ فِىٓ أَنفُسِهِمْ قَوْلًۢا بَلِيغًا ﴿٦٣﴾

63. Sila (ang mga mapagkunwari) ay nababatid ni Allah kung ano ang nasa kanilang puso; kaya't lumayo kayo sa kanila (huwag kayong gumamit ng dahas laban sa kanila) ngunit sila ay inyong pangaralan at mangusap sa kanila ng mabisang (madamdaming) salita (alalaong baga, upang manampalataya kay Allah, sumamba sa Kanya, tumalima sa Kanya at mangamba sa Kanya) upang maantig ang kanilang kalooban.

وَمَآ أَرۡسَلۡنَا مِن رَّسُولٍ إِلَّا لِيُطَاعَ بِإِذۡنِ ٱللَّهِۚ وَلَوۡ أَنَّهُمۡ إِذ ظَّلَمُوٓاْ أَنفُسَهُمۡ جَآءُوكَ فَٱسۡتَغۡفَرُواْ ٱللَّهَ وَٱسۡتَغۡفَرَ لَهُمُ ٱلرَّسُولُ لَوَجَدُواْ ٱللَّهَ تَوَّابٗا رَّحِيمٗا ﴿٦٤﴾

64. Hindi Kami nagsugo ng isang Sugo maliban na (siya) ay sundin sa kapahintulutan ni Allah. At sila (ang mapagkunwari), nang sila ay hindi naging makatarungan sa kanilang sarili, ay pumaroon sa iyo (Muhammad) at nanikluhod sa kapatawaran ni Allah, at ang Sugo ay nagsumamo ng Kapatawaran para sa kanila, tunay na kanilang matatagpuan na si Allah ay Ganap na Nagpapatawad (Tanging Siya ang tumatanggap ng pagsisisi), ang Pinakamaawain.

فَلَا وَرَبِّكَ لَا يُؤۡمِنُونَ حَتَّىٰ يُحَكِّمُوكَ فِيمَا شَجَرَ بَيۡنَهُمۡ ثُمَّ لَا يَجِدُواْ فِيٓ أَنفُسِهِمۡ حَرَجٗا مِّمَّا قَضَيۡتَ وَيُسَلِّمُواْ تَسۡلِيمٗا ﴿٦٥﴾

65. Hindi, subalit Ako (Allah) ay nanunumpa sa iyong Panginoon, katotohanang sila ay hindi magkakaroon ng Tunay na Pananampalataya hangga't ikaw (O Muhammad) ay hindi nila ginagawang tagahatol (hukom) sa lahat ng mga pagkakahidwa-hidwa sa kanilang pagitan, at kanilang makita sa pagitan nila ang kaginhawahan sa anumang iyong hinatulan at maluwag nilang tanggapin ang mga ito nang ganap.

وَلَوۡ أَنَّا كَتَبۡنَا عَلَيۡهِمۡ أَنِ ٱقۡتُلُوٓاْ أَنفُسَكُمۡ أَوِ ٱخۡرُجُواْ مِن دِيَٰرِكُم مَّا فَعَلُوهُ إِلَّا قَلِيلٞ مِّنۡهُمۡۖ وَلَوۡ أَنَّهُمۡ فَعَلُواْ مَا يُوعَظُونَ بِهِۦ لَكَانَ خَيۡرٗا لَّهُمۡ وَأَشَدَّ تَثۡبِيتٗا ﴿٦٦﴾

66. At kung sila ay pag-utusan Namin (na nagsasabi): "Patayin ninyo ang inyong sarili (alalaong baga, ang mga walang kasalanan ay pumatay sa mga makasalanan) o iwan ninyo ang inyong mga tahanan", lubhang iilan sa kanila ang gagawa nito; datapuwa't kung kanilang isinagawa ang sa kanila ay ipinag-utos, ito ay higit na mainam sa kanila, at (ito) ay mabisa na magpapatatag sa kanilang (pananampalataya);

وَإِذٗا لَّأٓتَيۡنَٰهُم مِّن لَّدُنَّآ أَجۡرًا عَظِيمٗا ﴿٦٧﴾

67. At katiyakan, Aming ipagkakaloob sa kanila mula sa Amin ang malaking pabuya (gantimpala);

وَلَهَدَيۡنَٰهُمۡ صِرَٰطٗا مُّسۡتَقِيمٗا ﴿٦٨﴾

68. At katiyakan, Aming papatnubayan sila sa Matuwid na Landas.

وَمَن يُطِعِ ٱللَّهَ وَٱلرَّسُولَ فَأُوْلَٰٓئِكَ مَعَ ٱلَّذِينَ أَنۡعَمَ ٱللَّهُ عَلَيۡهِم مِّنَ ٱلنَّبِيِّـۧنَ وَٱلصِّدِّيقِينَ وَٱلشُّهَدَآءِ وَٱلصَّٰلِحِينَۚ وَحَسُنَ أُوْلَٰٓئِكَ رَفِيقٗا ﴿٦٩﴾

69. At sinumang sumunod kay Allah at sa Sugo (Muhammad), kung gayon, sila ay mapapabilang sa lipon ng mga pagkakalooban ni Allah ng Kanyang Biyaya, ang mga Propeta, *Siddiqun* (ang mga tagasunod ng mga Propeta na nangunguna sa paniniwala sa kanila), mga Martir, at mga Matutuwid. At gaano kainam na mga kasama sila!

ذَٰلِكَ ٱلْفَضْلُ مِنَ ٱللَّهِ ۚ وَكَفَىٰ بِٱللَّهِ عَلِيمًا ﴿٧٠﴾

70. Ito ang Kasaganaan mula kay Allah, at si Allah ay sapat na bilang may Ganap na Kaalaman.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ خُذُوا۟ حِذْرَكُمْ فَٱنفِرُوا۟ ثُبَاتٍ أَوِ ٱنفِرُوا۟ جَمِيعًا ﴿٧١﴾

71. O kayong nagsisisampalataya! Magsipag-ingat kayo (sa pamamagitan nang paghahanda sa pakikipaglaban), at kayo ay magsitungo nang pangkat-pangkat (upang salubungin ang inyong mga kaaway), o magsitungo (roon) nang sama-sama.

وَإِنَّ مِنكُمْ لَمَن لَّيُبَطِّئَنَّ ۖ فَإِنْ أَصَٰبَتْكُم مُّصِيبَةٌ قَالَ قَدْ أَنْعَمَ ٱللَّهُ عَلَىَّ إِذْ لَمْ أَكُن مَّعَهُمْ شَهِيدًا ﴿٧٢﴾

72. At katiyakang mayroon sa inyo ang magpapaiwan sa likuran (upang [makaiwas] na makipaglaban sa Kapakanan ni Allah). At kung ang kasawian ay dumatal sa inyo, siya ay magsasabi: "Katotohanang si Allah ay nagmalasakit sa akin sapagkat ako ay hindi nila nakasama".

وَلَئِنْ أَصَٰبَكُمْ فَضْلٌ مِّنَ ٱللَّهِ لَيَقُولَنَّ كَأَن لَّمْ تَكُۢنۢ بَيْنَكُمْ وَبَيْنَهُۥ مَوَدَّةٌ يَٰلَيْتَنِى كُنتُ مَعَهُمْ فَأَفُوزَ فَوْزًا عَظِيمًا ﴿٧٣﴾

73. At kung ang kasaganaan (tagumpay at mga labing-yaman ng labanan) ay dumatal sa inyo mula kay Allah, katiyakang kanyang sasabihin, na wari bang hindi kailanman nagkaroon ng bigkis ng pagmamalasakit sa pagitan ninyo at nila: "Oh! Ako sana ay napabilang sa kanila; nang sa gayon, ako (sana) ay nakapagtamo ng malaking tagumpay (mainam na bahagi ng labing-yaman ng labanan)".

۞ فَلْيُقَٰتِلْ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ ٱلَّذِينَ يَشْرُونَ ٱلْحَيَوٰةَ ٱلدُّنْيَا بِٱلْءَاخِرَةِ ۚ وَمَن يُقَٰتِلْ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ فَيُقْتَلْ أَوْ يَغْلِبْ فَسَوْفَ نُؤْتِيهِ أَجْرًا عَظِيمًا ﴿٧٤﴾

74. Hayaan ang (mga sumasampalataya) na ipinagpalit ang (kanilang) buhay sa mundong ito sa Kabilang Buhay ay lumaban para sa Kapakanan ni Allah, at sinuman ang makipaglaban sa Kapakanan ni Allah at nasawi o nagkamit ng tagumpay, Aming ipagkakaloob sa kanya ang malaking biyaya (gantimpala).

وَمَا لَكُمْ لَا تُقَٰتِلُونَ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ وَٱلْمُسْتَضْعَفِينَ مِنَ ٱلرِّجَالِ وَٱلنِّسَآءِ وَٱلْوِلْدَٰنِ ٱلَّذِينَ يَقُولُونَ رَبَّنَآ أَخْرِجْنَا مِنْ هَٰذِهِ ٱلْقَرْيَةِ ٱلظَّالِمِ أَهْلُهَا وَٱجْعَل لَّنَا مِن لَّدُنكَ وَلِيًّا وَٱجْعَل لَّنَا مِن لَّدُنكَ نَصِيرًا ﴿٧٥﴾

75. At ano ba ang pumipigil sa inyo, na kayo ay hindi nakikipaglaban para sa Kapakanan ni Allah, at sila na mahihina, ang mga pinakikitunguhan nang masama at inaalipusta sa lipon ng kalalakihan, kababaihan at mga bata, na ang panambitan ay: "Aming Panginoon! Kami ay iligtas Ninyo sa bayang ito na ang mga tao ay mapang-api; at Inyong ipagkaloob sa amin mula sa Inyo ang isang

makapangangalaga (tagapagtangkilik), at Inyong ipagkaloob sa amin mula sa Inyo ang isang makakatulong."

76. Ang mga sumasampalataya ay nakikipaglaban tungo sa Kapakanan ni Allah, at sila na mga hindi sumasampalataya ay nakikipaglaban tungo sa kapakanan ng *Taghut* (Satanas, diyus-diyosan, atbp.). Kaya't makipagtunggali kayo laban sa mga kapanalig (kaanib) ni Satanas. Tunay na laging mahina ang mga pakana ni Satanas.

ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ يُقَٰتِلُونَ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ ۖ وَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ يُقَٰتِلُونَ فِى سَبِيلِ ٱلطَّٰغُوتِ فَقَٰتِلُوٓا۟ أَوْلِيَآءَ ٱلشَّيْطَٰنِ ۖ إِنَّ كَيْدَ ٱلشَّيْطَٰنِ كَانَ ضَعِيفًا ﴿٧٦﴾

77. Hindi mo ba napagmamalas (nababatid O Muhammad) sila na pinagsabihan na pigilan ninyo ang inyong mga kamay (sa pakikipaglaban sa mga hindi sumasampalataya) at kayo ay mag-alay ng *Salah* (takdang panalangin) nang lubos, at magkaloob ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa). Datapuwa't nang ipinag-utos na sa kanila ang pakikipaglaban, inyong pagmasdan na ang ilang pangkat sa kanila ay nangangamba sa mga tao na katulad ng pangangamba nila kay Allah, at kung minsan ay higit pa. Sila ay nagsasabi: "Aming Panginoon! Bakit Ninyo ipinag-utos sa amin ang pakikipaglaban? Sana ay binigyan Ninyo kami ng palugit kahit na sa maikling panahon." Ipagbadya: "Tunay na maikli ang paglilibang sa mundong ito, at ang Kabilang Buhay ay higit na mainam sa kanya na may pangangamba kay Allah, at kayo ay hindi pakikitunguhan ng kawalang-katarungan kahit na katumbas ng *Fatila* (isang hibla ng balat ng buto ng palmera [datiles]).

أَلَمْ تَرَ إِلَى ٱلَّذِينَ قِيلَ لَهُمْ كُفُّوٓا۟ أَيْدِيَكُمْ وَأَقِيمُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ وَءَاتُوا۟ ٱلزَّكَوٰةَ فَلَمَّا كُتِبَ عَلَيْهِمُ ٱلْقِتَالُ إِذَا فَرِيقٌ مِّنْهُمْ يَخْشَوْنَ ٱلنَّاسَ كَخَشْيَةِ ٱللَّهِ أَوْ أَشَدَّ خَشْيَةً ۚ وَقَالُوا۟ رَبَّنَا لِمَ كَتَبْتَ عَلَيْنَا ٱلْقِتَالَ لَوْلَآ أَخَّرْتَنَآ إِلَىٰٓ أَجَلٍ قَرِيبٍ ۗ قُلْ مَتَٰعُ ٱلدُّنْيَا قَلِيلٌ ۖ وَٱلْءَاخِرَةُ خَيْرٌ لِّمَنِ ٱتَّقَىٰ ۖ وَلَا تُظْلَمُونَ فَتِيلًا ﴿٧٧﴾

78. "Kahit nasaan pa man kayo, ang kamatayan ay mananaig sa inyo kahima't kayo ay nasa kanlungan (o kuta) na matatag at mataas!" At kung ang ilang kabutihan ay dumatal sa kanila, sila ay nagsasabi: "Ito ay mula kay Allah," datapuwa't kung ang ilang kasamaan ay sumapit sa kanila, sila ay nagsasabi: "Ito ay mula sa iyo (O Muhammad)". Ipagbadya (sa kanila): "Lahat (ng pangyayari) ay mula kay Allah." Kaya't ano ang mali sa gayong mga tao na hindi man

أَيْنَمَا تَكُونُوا۟ يُدْرِككُّمُ ٱلْمَوْتُ وَلَوْ كُنتُمْ فِى بُرُوجٍ مُّشَيَّدَةٍ ۗ وَإِن تُصِبْهُمْ حَسَنَةٌ يَقُولُوا۟ هَٰذِهِۦ مِنْ عِندِ ٱللَّهِ ۖ وَإِن تُصِبْهُمْ سَيِّئَةٌ يَقُولُوا۟ هَٰذِهِۦ مِنْ عِندِكَ ۚ قُلْ كُلٌّ مِّنْ عِندِ ٱللَّهِ ۖ فَمَالِ هَٰٓؤُلَآءِ ٱلْقَوْمِ لَا يَكَادُونَ يَفْقَهُونَ حَدِيثًا ﴿٧٨﴾

lamang nakakaunawa sa kahit na anong pangungusap?

79. Ang anumang mabuti na dumatal sa iyo, (ito) ay mula kay Allah, datapuwa't kung anumang masama ang sumapit sa iyo, ito ay mula sa iyong sariling gawa. At ikaw (O Muhammad) ay isinugo Namin bilang isang Sugo sa sangkatauhan, at si Allah ay sapat na bilang isang Saksi.

مَّآ أَصَابَكَ مِنْ حَسَنَةٍ فَمِنَ ٱللَّهِ ۖ وَمَآ أَصَابَكَ مِن سَيِّئَةٍ فَمِن نَّفْسِكَ ۚ وَأَرْسَلْنَٰكَ لِلنَّاسِ رَسُولًا ۚ وَكَفَىٰ بِٱللَّهِ شَهِيدًا ﴿٧٩﴾

80. Siya na tumatalima sa Sugo (Muhammad), ay katotohanang tumatalima kay Allah, datapuwa't siya na tumatalikdan (tumatanggi) sa iyo, kung gayon, ikaw (O Muhammad) ay hindi Namin isinugo upang maging tagapagbantay nila.

مَّن يُطِعِ ٱلرَّسُولَ فَقَدْ أَطَاعَ ٱللَّهَ ۖ وَمَن تَوَلَّىٰ فَمَآ أَرْسَلْنَٰكَ عَلَيْهِمْ حَفِيظًا ﴿٨٠﴾

81. Sila ay nagsasabi: "Kami ay tumatalima," subalit kung ikaw (O Muhammad) ay kanila nang iwan, may isang pangkat sa kanila na ginugugol ang gabi sa pagbabalak ng taliwas sa sinasabi nila sa iyo. Datapuwa't si Allah ay nagtatala ng kanilang gabi-gabing (pagbabalak). Kaya't talikdan mo sila (huwag mo silang pansinin), at ilagay mo ang iyong pagtitiwala kay Allah. At si Allah ay Lalagi nang may Kasapatan bilang Tagapamahala ng mga pangyayari.

وَيَقُولُونَ طَاعَةٌ فَإِذَا بَرَزُوا۟ مِنْ عِندِكَ بَيَّتَ طَآئِفَةٌ مِّنْهُمْ غَيْرَ ٱلَّذِى تَقُولُ ۖ وَٱللَّهُ يَكْتُبُ مَا يُبَيِّتُونَ ۖ فَأَعْرِضْ عَنْهُمْ وَتَوَكَّلْ عَلَى ٱللَّهِ ۚ وَكَفَىٰ بِٱللَّهِ وَكِيلًا ﴿٨١﴾

82. Hindi baga nila isinasaalang-alang (pinag-iisipan nang mabuti) ang Qur'an? Kung ito ay nagmula (sa iba) maliban pa kay Allah, katotohanang sila ay makakatagpo rito ng maraming pagkakasalungatan.

أَفَلَا يَتَدَبَّرُونَ ٱلْقُرْءَانَ ۚ وَلَوْ كَانَ مِنْ عِندِ غَيْرِ ٱللَّهِ لَوَجَدُوا۟ فِيهِ ٱخْتِلَٰفًا كَثِيرًا ﴿٨٢﴾

83. At kung may dumatal sa kanila na ilang bagay (inpormasyon) tungkol sa pangkalahatang kaligtasan o pangamba, ipinagkakalat nila ito sa palibut-libot; kung kanila lamang isinangguni ito sa Sugo o sa mga tao na ginawaran sa lipon nila ng kapamahalaan, ang angkop na mga tagasuri (tagapagsiyasat) ay makakaunawa nito mula sa kanila (nang tuwiran). At kung hindi lamang sa biyaya at habag ni Allah sa inyo, kayo ay susunod kay Satanas, maliban lamang sa ilan sa inyo.

وَإِذَا جَآءَهُمْ أَمْرٌ مِّنَ ٱلْأَمْنِ أَوِ ٱلْخَوْفِ أَذَاعُوا۟ بِهِۦ ۖ وَلَوْ رَدُّوهُ إِلَى ٱلرَّسُولِ وَإِلَىٰٓ أُو۟لِى ٱلْأَمْرِ مِنْهُمْ لَعَلِمَهُ ٱلَّذِينَ يَسْتَنۢبِطُونَهُۥ مِنْهُمْ ۗ وَلَوْلَا فَضْلُ ٱللَّهِ عَلَيْكُمْ وَرَحْمَتُهُۥ لَٱتَّبَعْتُمُ ٱلشَّيْطَٰنَ إِلَّا قَلِيلًا ﴿٨٣﴾

84. At makipagtunggali ka (O Muhammad)

فَقَٰتِلْ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ ۚ لَا تُكَلَّفُ إِلَّا نَفْسَكَ ۚ

tungo sa Kapakanan ni Allah, ikaw ay hindi ginawaran ng katungkulan (o pananagutan) maliban lamang sa iyong sarili, at iyong hikayatin ang mga sumasampalataya (na samahan ka na makipagtunggali), upang marahil si Allah ang pipigil sa masidhing kasamaan ng mga hindi sumasampalataya. At si Allah ay Malakas sa Kapangyarihan at Matatag sa pagpaparusa.

وَحَرِّضِ ٱلْمُؤْمِنِينَ ۖ عَسَى ٱللَّهُ أَن يَكُفَّ بَأْسَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ ۚ وَٱللَّهُ أَشَدُّ بَأْسًا وَأَشَدُّ تَنكِيلًا ﴿٨٤﴾

85. Ang sinumang mamagitan tungo sa mabuting hangarin ay magkakamit ng bahagi (gantimpala) nito, at sinumang mamagitan tungo sa masamang hangarin ay magtatamasa ng bahagi ng dalahin (pananagutan) nito. At si Allah ay Lalagi nang Ganap na Makagagawa ng lahat ng bagay.

مَّن يَشْفَعْ شَفَٰعَةً حَسَنَةً يَكُن لَّهُۥ نَصِيبٌ مِّنْهَا ۖ وَمَن يَشْفَعْ شَفَٰعَةً سَيِّئَةً يَكُن لَّهُۥ كِفْلٌ مِّنْهَا ۗ وَكَانَ ٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ مُّقِيتًا ﴿٨٥﴾

86. At kung kayo ay batiin ng pagbati, sila ay inyong suklian ng pagbati na higit na mainam (kaysa) rito, o di kaya'y suklian ito ng katumbas na pagbati. Katiyakang si Allah ay Ganap na Tagapagsulit ng lahat ng bagay.

وَإِذَا حُيِّيتُم بِتَحِيَّةٍ فَحَيُّوا۟ بِأَحْسَنَ مِنْهَآ أَوْ رُدُّوهَا ۗ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ حَسِيبًا ﴿٨٦﴾

87. Si Allah! *La ilaha illa Huwa* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya). Katiyakang kayo ay Kanyang titipunin nang sama-sama sa Araw ng Muling Pagkabuhay at ito ay walang alinlangan. At sino pa kaya ang higit na makatotohanan sa pagwiwika (pagsasalaysay) maliban kay Allah?

ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ۚ لَيَجْمَعَنَّكُمْ إِلَىٰ يَوْمِ ٱلْقِيَٰمَةِ لَا رَيْبَ فِيهِ ۗ وَمَنْ أَصْدَقُ مِنَ ٱللَّهِ حَدِيثًا ﴿٨٧﴾

88. At ano ang nangyayari sa inyo na kayo ay nahahati sa dalawang pangkat tungkol sa mga mapagkunwari? Si Allah ay nagtapong muli sa kanila (sa kawalan ng pananalig) dahilan sa kanilang (masamang) ginagawa. Nais ba ninyong patnubayan siya na ninais ni Allah na mapaligaw? At sinumang ninais ni Allah na mapaligaw, kayo ay hindi kailanman makakatagpo para sa kanya ng anumang paraan (tungo sa Tamang Landas).

۞ فَمَا لَكُمْ فِى ٱلْمُنَٰفِقِينَ فِئَتَيْنِ وَٱللَّهُ أَرْكَسَهُم بِمَا كَسَبُوٓا۟ ۚ أَتُرِيدُونَ أَن تَهْدُوا۟ مَنْ أَضَلَّ ٱللَّهُ ۗ وَمَن يُضْلِلِ ٱللَّهُ فَلَن تَجِدَ لَهُۥ سَبِيلًا ﴿٨٨﴾

89. Sila (na mga mapagkunwari) ay nagnanais na inyong itakwil ang Pananampalataya, na katulad din nang kanilang pagtatakwil (sa

وَدُّوا۟ لَوْ تَكْفُرُونَ كَمَا كَفَرُوا۟ فَتَكُونُونَ سَوَآءً ۖ فَلَا تَتَّخِذُوا۟ مِنْهُمْ أَوْلِيَآءَ حَتَّىٰ يُهَاجِرُوا۟ فِى

Pananampalataya), upang sa gayon kayo ay maging magkapantay (sa isa't isa). Kaya't huwag ninyong kunin na *Auliya* (mga tagapagtanggol, kaibigan, kasama) ang mula sa kanila, hanggang sa sila ay magsilikas (maging mandarayo) tungo sa Kapakanan ni Allah (bilang tanda ng kanilang pagkamatapat sa pananampalataya). Datapuwa't kung sila ay magsitalikod (sa Islam, at maging mapaghimagsik), sila ay inyong sakmalin at patayin kahit saan man ninyo sila matagpuan, at huwag kayong kumuha ng *Auliya* (mga tagapagtanggol, kaibigan, kasama) gayundin ng tagapagtangkilik mula sa kanila,

سَبِيلِ ٱللَّهِ ۚ فَإِن تَوَلَّوْا۟ فَخُذُوهُمْ وَٱقْتُلُوهُمْ حَيْثُ وَجَدتُّمُوهُمْ ۖ وَلَا تَتَّخِذُوا۟ مِنْهُمْ وَلِيًّا وَلَا نَصِيرًا ﴿٨٩﴾

90. Maliban sa kanila na umaanib sa pangkat na sa pagitan ninyo at nila ay mayroong isang kasunduan (ng kapayapaan), o sila na lumalapit sa inyo na may dibdib (damdamin) na nagpipigil sa pakikipaglaban sa inyo gayundin sa pakikipaglaban sa kanilang sariling pamayanan. Kung ninais lamang ni Allah, katotohanang sila ay Kanyang mabibigyan ng kapangyarihan nang higit sa inyo at sa gayon sila (sana'y) nakipaglaban sa inyo. Kaya't kung sila ay lumayo sa inyo at sila ay hindi nakipaglaban, at (sa halip) ay naghandog sa inyo (ng katiyakan) ng kapayapaan, kung gayon si Allah ay hindi nagbukas ng daan para sa inyo (upang makidigma) laban sa kanila.

إِلَّا ٱلَّذِينَ يَصِلُونَ إِلَىٰ قَوْمٍۭ بَيْنَكُمْ وَبَيْنَهُم مِّيثَٰقٌ أَوْ جَآءُوكُمْ حَصِرَتْ صُدُورُهُمْ أَن يُقَٰتِلُوكُمْ أَوْ يُقَٰتِلُوا۟ قَوْمَهُمْ ۚ وَلَوْ شَآءَ ٱللَّهُ لَسَلَّطَهُمْ عَلَيْكُمْ فَلَقَٰتَلُوكُمْ ۚ فَإِنِ ٱعْتَزَلُوكُمْ فَلَمْ يُقَٰتِلُوكُمْ وَأَلْقَوْا۟ إِلَيْكُمُ ٱلسَّلَمَ فَمَا جَعَلَ ٱللَّهُ لَكُمْ عَلَيْهِمْ سَبِيلًا ﴿٩٠﴾

91. Inyong matatagpuan ang mga iba (mga mapagkunwari) na nagnanais na magkaroon ng kapanatagan at kaligtasan mula sa inyo (kaya't sila ay nagpapakita sa inyo ng pananampalataya) at ng kapanatagan at kaligtasan mula sa kanilang pamayanan (kaya't sila ay nagpapakita sa kanila ng kawalang-pananampalataya). Sa bawat sandali na sila ay nagbabalik sa hibo ng kawalan ng pananalig, sila ay nabubulid dito. At kung sila ay hindi lalayo sa inyo, o sila ay hindi nag-alok sa inyo ng kapayapaan at hindi nagpigil sa kanilang mga kamay (laban sa inyo), sila ay inyong sakmalin at patayin kahit saan man ninyo sila matagpuan. Sa kanilang kalalagayan, Aming

سَتَجِدُونَ ءَاخَرِينَ يُرِيدُونَ أَن يَأْمَنُوكُمْ وَيَأْمَنُوا۟ قَوْمَهُمْ ۖ كُلَّ مَا رُدُّوٓا۟ إِلَى ٱلْفِتْنَةِ أُرْكِسُوا۟ فِيهَا ۚ فَإِن لَّمْ يَعْتَزِلُوكُمْ وَيُلْقُوٓا۟ إِلَيْكُمُ ٱلسَّلَمَ وَيَكُفُّوٓا۟ أَيْدِيَهُمْ فَخُذُوهُمْ وَٱقْتُلُوهُمْ حَيْثُ ثَقِفْتُمُوهُمْ ۚ وَأُو۟لَٰٓئِكُمْ جَعَلْنَا لَكُمْ عَلَيْهِمْ سُلْطَٰنًا مُّبِينًا ﴿٩١﴾

pinagkalooban kayo nang maliwanag na katwiran laban sa kanila.

وَمَا كَانَ لِمُؤْمِنٍ أَن يَقْتُلَ مُؤْمِنًا إِلَّا خَطَـًٔا ۚ وَمَن قَتَلَ مُؤْمِنًا خَطَـًٔا فَتَحْرِيرُ رَقَبَةٍ مُّؤْمِنَةٍ وَدِيَةٌ مُّسَلَّمَةٌ إِلَىٰٓ أَهْلِهِۦٓ إِلَّآ أَن يَصَّدَّقُوا۟ ۚ فَإِن كَانَ مِن قَوْمٍ عَدُوٍّ لَّكُمْ وَهُوَ مُؤْمِنٌ فَتَحْرِيرُ رَقَبَةٍ مُّؤْمِنَةٍ ۖ وَإِن كَانَ مِن قَوْمٍۭ بَيْنَكُمْ وَبَيْنَهُم مِّيثَـٰقٌ فَدِيَةٌ مُّسَلَّمَةٌ إِلَىٰٓ أَهْلِهِۦ وَتَحْرِيرُ رَقَبَةٍ مُّؤْمِنَةٍ ۖ فَمَن لَّمْ يَجِدْ فَصِيَامُ شَهْرَيْنِ مُتَتَابِعَيْنِ تَوْبَةً مِّنَ ٱللَّهِ ۗ وَكَانَ ٱللَّهُ عَلِيمًا حَكِيمًا ﴿٩٢﴾

92. Hindi isang katampatan para sa isang sumasampalataya na pumatay sa isang sumasampalataya maliban na lamang sa pagkakamali (na hindi sinasadya), at ang sinumang pumatay sa isang sumasampalataya nang hindi sinasadya, (rito ay ipinag-uutos) na siya ay marapat na magpalaya ng isang nananampalatayang alipin at isang *Diya*[16] (kabayaran o tubos sa dugo) na nararapat ibigay sa kamag-anakan ng namatay, maliban na lamang na isinaisang-tabi nila ang kanilang karapatan bilang kawanggawa. Kung ang namatay ay kabilang sa mga tao (tribo) na kumakalaban sa inyo at siya ay isang nananampalataya; ang pagpapalaya sa isang nananampalatayang alipin (ay itinatalaga, at hindi ang pagbabayad ng *Diya*), at kung siya ay nabibilang sa mga tao (tribo) na mayroon kayong kasunduan ng pagkakampihan at pagkamatapat (sa isa't isa), ang *Diya* (kabayaran o tubos sa dugo) ay marapat na ibayad sa kanyang kamag-anakan at ang isang nananampalatayang alipin ay marapat na palayain. At sinuman ang walang kakayahan (na matupad ang parusa sa pagpapalaya ng isang alipin), siya ay nararapat na mag-ayuno ng dalawang magkasunod na buwan upang kayo ay makahanap ng pagsisisi (pagbabalik-loob) kay Allah. At si Allah ay Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan.

وَمَن يَقْتُلْ مُؤْمِنًا مُّتَعَمِّدًا فَجَزَآؤُهُۥ جَهَنَّمُ خَـٰلِدًا فِيهَا وَغَضِبَ ٱللَّهُ عَلَيْهِ وَلَعَنَهُۥ وَأَعَدَّ لَهُۥ عَذَابًا عَظِيمًا ﴿٩٣﴾

93. At sinuman ang pumatay nang sadya sa isang nananampalataya, ang kanyang kabayaran (kaparusahan) ay Impiyerno, upang manahan dito magpakailanman, ang Poot at Sumpa ni Allah ay nasa kanya at ang malaking kaparusahan ay inihanda para sa kanya.

يَـٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِذَا ضَرَبْتُمْ فِى سَبِيلِ

94. O kayong nagsisisampalataya! Kung kayo ay pumalaot (upang makipaglaban) sa Kapakanan

[16] Isang daang kamelyo mula sa mga nakakatanda (lider) sa tribu ng nakamatay, at hindi mula sa kanyang sariling salapi. (Ibn Kathir, Vol. 2/545).

ni Allah, inyong tuklasin (ang katotohanan), at huwag ninyong sabihin sa sinuman na bumati sa inyo (sa pamamagitan ng pagbati sa Islam, bilang palatandaan na siya ay isang Muslim): "Ikaw ay hindi isang nananampalataya", na naghahangad sa makamundong pakinabang. Mayroong higit na kapakinabangan at labing-yaman ng digmaan ang na kay Allah. Kahit na (kung ano man siya ngayon), kayo ay katulad (rin niya) sa inyong sarili noon, hanggang sa igawad ni Allah ang Kanyang paglingap (alalaong baga, kayo ay Kanyang pinatnubayan sa Islam), kaya't kayo ay marapat na magsiyasat nang maigi. Si Allah ay Ganap na Nakakaalam ng inyong ginagawa.

اللَّهِ فَتَبَيَّنُوا۟ وَلَا تَقُولُوا۟ لِمَنْ أَلْقَىٰٓ إِلَيْكُمُ ٱلسَّلَٰمَ لَسْتَ مُؤْمِنًا تَبْتَغُونَ عَرَضَ ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا فَعِندَ ٱللَّهِ مَغَانِمُ كَثِيرَةٌ ۚ كَذَٰلِكَ كُنتُم مِّن قَبْلُ فَمَنَّ ٱللَّهُ عَلَيْكُمْ فَتَبَيَّنُوٓا۟ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ بِمَا تَعْمَلُونَ خَبِيرًا ﴿٩٤﴾

95. Hindi magiging magkapantay yaong mga sumasampalataya na nanatili (sa kanilang tahanan), maliban na lamang ang mga may kapansanan (dahil sa aksidente o bulag o pilay, atbp.), at yaong nakikibaka (*Mujahideen*) sa Kapakanan ni Allah sa pamamagitan ng kanilang kayamanan at buhay. Si Allah ay nagtakda ng mga antas sa mga nakikibaka (*Mujahideen*) sa pamamagitan ng kanilang kayamanan at buhay nang higit na mataas (kaysa) sa mga nananatili (sa kanilang tahanan). Sa bawat isa sa kanila, si Allah ay nangako ng pinakamainam na gantimpala, datapuwa't higit na pinapahalagahan ni Allah ang mga nakikibaka (*Mujahideen*) kaysa sa kanya na nananatili (sa kanilang tahanan), sa pamamagitan (nang pagbibigay) ng malaking gantimpala;

لَّا يَسْتَوِى ٱلْقَٰعِدُونَ مِنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ غَيْرُ أُو۟لِى ٱلضَّرَرِ وَٱلْمُجَٰهِدُونَ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ بِأَمْوَٰلِهِمْ وَأَنفُسِهِمْ ۚ فَضَّلَ ٱللَّهُ ٱلْمُجَٰهِدِينَ بِأَمْوَٰلِهِمْ وَأَنفُسِهِمْ عَلَى ٱلْقَٰعِدِينَ دَرَجَةً ۚ وَكُلًّا وَعَدَ ٱللَّهُ ٱلْحُسْنَىٰ ۚ وَفَضَّلَ ٱللَّهُ ٱلْمُجَٰهِدِينَ عَلَى ٱلْقَٰعِدِينَ أَجْرًا عَظِيمًا ﴿٩٥﴾

96. Mga antas (ng mataas na posisyon) na mula sa Kanya, at pagpapatawad at habag. At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

دَرَجَٰتٍ مِّنْهُ وَمَغْفِرَةً وَرَحْمَةً ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ غَفُورًا رَّحِيمًا ﴿٩٦﴾

97. Katotohanan! Sa kanila na kinuha ng anghel (ang kaluluwa sa kamatayan) habang isinusuong nila ang kanilang sarili sa kamalian (sapagkat nanatili sila sa lipon ng mga hindi sumasampalataya kahit na ang paglikas ay katungkulan sa kanila), sila (ang mga anghel) ay

إِنَّ ٱلَّذِينَ تَوَفَّىٰهُمُ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ ظَالِمِىٓ أَنفُسِهِمْ قَالُوا۟ فِيمَ كُنتُمْ ۖ قَالُوا۟ كُنَّا مُسْتَضْعَفِينَ فِى ٱلْأَرْضِ ۚ قَالُوٓا۟ أَلَمْ تَكُنْ أَرْضُ ٱللَّهِ وَٰسِعَةً فَتُهَاجِرُوا۟ فِيهَا ۚ فَأُو۟لَٰٓئِكَ مَأْوَىٰهُمْ جَهَنَّمُ ۖ وَسَآءَتْ مَصِيرًا ﴿٩٧﴾

magsasabi (sa kanila): "Sa anong (kalagayan) ba kayo noon? Sila ay magsasabi: "Kami noon ay mahina at inaapi sa kalupaan". Sila (ang mga anghel) ay magsasabi: "Hindi baga ang kalupaan ni Allah ay lubhang maluwang upang kayo ay makalikas?" Ang mga taong ito ay makakatagpo ng kanilang hantungan sa Impiyerno, – at gaano kasama itong (kanilang) patutunguhan! –

إِلَّا ٱلْمُسْتَضْعَفِينَ مِنَ ٱلرِّجَالِ وَٱلنِّسَآءِ وَٱلْوِلْدَٰنِ لَا يَسْتَطِيعُونَ حِيلَةً وَلَا يَهْتَدُونَ سَبِيلًا ﴿٩٨﴾

98. Maliban sa mahihina sa lipon ng kalalakihan, kababaihan at mga bata na hindi makagagawa ng balakin, gayundin naman ay wala silang kakayahan upang patnubayan ang kanilang landas,

فَأُو۟لَٰٓئِكَ عَسَى ٱللَّهُ أَن يَعْفُوَ عَنْهُمْ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ عَفُوًّا غَفُورًا ﴿٩٩﴾

99. Sa kanila ay mayroong pag-asa na si Allah ay magpapatawad sa kanila, at si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Paulit-ulit na Nagpapatawad.

۞ وَمَن يُهَاجِرْ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ يَجِدْ فِى ٱلْأَرْضِ مُرَٰغَمًا كَثِيرًا وَسَعَةً ۚ وَمَن يَخْرُجْ مِنۢ بَيْتِهِۦ مُهَاجِرًا إِلَى ٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ ثُمَّ يُدْرِكْهُ ٱلْمَوْتُ فَقَدْ وَقَعَ أَجْرُهُۥ عَلَى ٱللَّهِ ۗ وَكَانَ ٱللَّهُ غَفُورًا رَّحِيمًا ﴿١٠٠﴾

100. Sinumang lumikas (maging mandarayo) tungo sa Kapakanan ni Allah ay makakatagpo sa kalupaan ng maraming matitirhan at kasaganaan upang mamuhay. At sinuman ang umiwan sa kanyang tahanan bilang isang nangingibang-bayan tungo sa Kapakanan ni Allah at sa Kanyang Sugo; at ang kamatayan ay dumatal sa kanya, ang kanyang (gawad) na gantimpala ay katiyakan na isang katungkulan ni Allah. At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَإِذَا ضَرَبْتُمْ فِى ٱلْأَرْضِ فَلَيْسَ عَلَيْكُمْ جُنَاحٌ أَن تَقْصُرُوا۟ مِنَ ٱلصَّلَوٰةِ إِنْ خِفْتُمْ أَن يَفْتِنَكُمُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ ۚ إِنَّ ٱلْكَٰفِرِينَ كَانُوا۟ لَكُمْ عَدُوًّا مُّبِينًا ﴿١٠١﴾

101. At kung kayo (O mga Muslim) ay naglalakbay sa kalupaan, hindi isang kasalanan sa inyo kung inyong paikliin ang inyong pagdarasal kung kayo ay nangangamba na ang mga hindi sumasampalataya ay maaaring lumusob sa inyo; katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya ay tunay na lantad ninyong kaaway.

وَإِذَا كُنتَ فِيهِمْ فَأَقَمْتَ لَهُمُ ٱلصَّلَوٰةَ فَلْتَقُمْ طَآئِفَةٌ مِّنْهُم مَّعَكَ وَلْيَأْخُذُوٓا۟ أَسْلِحَتَهُمْ ۖ فَإِذَا سَجَدُوا۟ فَلْيَكُونُوا۟ مِن وَرَآئِكُمْ وَلْتَأْتِ طَآئِفَةٌ أُخْرَىٰ لَمْ

102. At kung ikaw (O Muhammad) ay nasa lipon nila, at sila ay iyong pinamumunuan sa pagdarasal, hayaan ang isang pangkat nila ay magsitindig na kasama ka (sa pagdarasal), na dala-dala ang kanilang mga sandata; at kung

matapos na nila ang pagpapatirapa, hayaan silang mamalagi sa likuran at hayaan ang ibang pangkat na hindi pa nakapagdarasal ay lumapit, at hayaan sila na magdasal na kasama ka ng may lahat nang pag-iingat at may hawak na mga sandata. Ang mga hindi sumasampalataya ay nagnanais na kung kayo ay maging pabaya sa inyong mga sandata at mga dala-dalahan, kayo ay lulusubin nila nang minsanan, datapuwa't hindi isang kasalanan kung ibaba ninyo ang inyong mga sandata (kung nabibigatan) at kung ito ay hindi maginhawa kung umuulan, o sa dahilang kayo ay may karamdaman, datapuwa't gawin ninyo ang lahat nang pag-iingat sa inyong sarili. Katotohanang si Allah ay naghanda ng kaaba-abang kaparusahan sa mga hindi sumasampalataya.

يُصَلُّوا۟ فَلْيُصَلُّوا۟ مَعَكَ وَلْيَأْخُذُوا۟ حِذْرَهُمْ وَأَسْلِحَتَهُمْ ۗ وَدَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لَوْ تَغْفُلُونَ عَنْ أَسْلِحَتِكُمْ وَأَمْتِعَتِكُمْ فَيَمِيلُونَ عَلَيْكُم مَّيْلَةً وَٰحِدَةً ۚ وَلَا جُنَاحَ عَلَيْكُمْ إِن كَانَ بِكُمْ أَذًى مِّن مَّطَرٍ أَوْ كُنتُم مَّرْضَىٰٓ أَن تَضَعُوٓا۟ أَسْلِحَتَكُمْ ۖ وَخُذُوا۟ حِذْرَكُمْ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ أَعَدَّ لِلْكَٰفِرِينَ عَذَابًا مُّهِينًا ﴿١٠٢﴾

103. At kung inyo nang natapos ang (sama-samang) pagdarasal, inyong alalahanin (nang palagian) si Allah kahima't kayo ay nakatayo, nakaupo, o nakahimlay sa inyong tagiliran. Datapuwa't kung kayo ay naging ligtas na (malayo sa panganib), inyong ibalik ang katampatang pagdarasal (at huwag nang paikliin). Katotohanan, ang pagdarasal ay ipinapatupad sa takdang oras sa mga sumasampalataya.

فَإِذَا قَضَيْتُمُ ٱلصَّلَوٰةَ فَٱذْكُرُوا۟ ٱللَّهَ قِيَٰمًا وَقُعُودًا وَعَلَىٰ جُنُوبِكُمْ ۚ فَإِذَا ٱطْمَأْنَنتُمْ فَأَقِيمُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ ۚ إِنَّ ٱلصَّلَوٰةَ كَانَتْ عَلَى ٱلْمُؤْمِنِينَ كِتَٰبًا مَّوْقُوتًا ﴿١٠٣﴾

104. At huwag maging mahina sa (inyong) pagtugis sa kaaway, kung kayo ay nagdurusa (sa mga kahirapan), katiyakang sila (rin) ay nagdurusa (ng mga kahirapan) na katulad ng inyong pagbabata, datapuwa't mayroon kayong pag-asa mula kay Allah (sa gantimpala ng Paraiso), na rito sila ay hindi umaasa, at si Allah ay Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan.

وَلَا تَهِنُوا۟ فِى ٱبْتِغَآءِ ٱلْقَوْمِ ۖ إِن تَكُونُوا۟ تَأْلَمُونَ فَإِنَّهُمْ يَأْلَمُونَ كَمَا تَأْلَمُونَ ۖ وَتَرْجُونَ مِنَ ٱللَّهِ مَا لَا يَرْجُونَ ۗ وَكَانَ ٱللَّهُ عَلِيمًا حَكِيمًا ﴿١٠٤﴾

105. Tunay ngang ipinanaog Namin sa iyo (O Muhammad) ang Aklat (ang Qur'an) sa katotohanan, upang ikaw ay makahatol sa pagitan ng mga tao sa mga bagay na ipinamalas ni Allah sa iyo (pagtuturo ng maka-Diyos na pahayag), kaya't huwag kang maging isa na nakikiusap (tagapagtanggol) para sa mga

إِنَّآ أَنزَلْنَآ إِلَيْكَ ٱلْكِتَٰبَ بِٱلْحَقِّ لِتَحْكُمَ بَيْنَ ٱلنَّاسِ بِمَآ أَرَىٰكَ ٱللَّهُ ۚ وَلَا تَكُن لِّلْخَآئِنِينَ خَصِيمًا ﴿١٠٥﴾

salawahan (at taksil).

106. At iyong paghanapin ang kapatawaran ni Allah, katiyakang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَٱسْتَغْفِرِ ٱللَّهَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ غَفُورًا رَّحِيمًا ﴿١٠٦﴾

107. At huwag kayong makipagtalo upang ipagtanggol ang mga luminlang sa kanilang sarili. Katotohanang si Allah ay hindi nalulugod sa sinuman na taksil at makasalanan.

وَلَا تُجَٰدِلْ عَنِ ٱلَّذِينَ يَخْتَانُونَ أَنفُسَهُمْ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يُحِبُّ مَن كَانَ خَوَّانًا أَثِيمًا ﴿١٠٧﴾

108. Ikinukubli nila sa mga tao (ang kanilang masasamang gawain), datapuwa't hindi nila (ito) maitatago kay Allah, sapagkat Siya ay kapiling nila (sa pamamagitan ng Kanyang Kaalaman) nang sila ay nagbabalak (ng masama) sa kinagabihan, na hindi Niya nagugustuhan. At si Allah ay laging Nakasasakop (Nakatatalos) sa anumang kanilang ginagawa.

يَسْتَخْفُونَ مِنَ ٱلنَّاسِ وَلَا يَسْتَخْفُونَ مِنَ ٱللَّهِ وَهُوَ مَعَهُمْ إِذْ يُبَيِّتُونَ مَا لَا يَرْضَىٰ مِنَ ٱلْقَوْلِ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ بِمَا يَعْمَلُونَ مُحِيطًا ﴿١٠٨﴾

109. Naririto kayo ngayon, - sila yaong nangangatwiran (nakikiusap) sa kanilang kapakanan sa makamundong buhay na ito, - datapuwa't sino ang mangangatwiran (makikiusap) kay Allah para sa kanila sa Araw ng Muling Pagkabuhay, o sino kaya (kung gayon) ang kanilang magiging kinatawan (tagapagtanggol)?

هَٰٓأَنتُمْ هَٰٓؤُلَآءِ جَٰدَلْتُمْ عَنْهُمْ فِى ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا فَمَن يُجَٰدِلُ ٱللَّهَ عَنْهُمْ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ أَم مَّن يَكُونُ عَلَيْهِمْ وَكِيلًا ﴿١٠٩﴾

110. At sinuman ang gumawa ng masama o nagbigay-kamalian sa kanyang sarili, at matapos ito, ay humanap ng kapatawaran ni Allah; kanyang matatagpuan na si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَمَن يَعْمَلْ سُوٓءًا أَوْ يَظْلِمْ نَفْسَهُۥ ثُمَّ يَسْتَغْفِرِ ٱللَّهَ يَجِدِ ٱللَّهَ غَفُورًا رَّحِيمًا ﴿١١٠﴾

111. At sinuman ang gumawa ng kasalanan, kanyang matatamo ito para lamang sa (kapahamakan ng) kanyang sarili. At si Allah ay Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan.

وَمَن يَكْسِبْ إِثْمًا فَإِنَّمَا يَكْسِبُهُۥ عَلَىٰ نَفْسِهِۦ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ عَلِيمًا حَكِيمًا ﴿١١١﴾

112. At sinuman ang nakagawa ng kamalian (nang hindi sinasadya), o nakagawa ng kasalanan at pagkatapos ay naghagis (nagbintang) nito sa sinuman na walang muwang; katotohanang binigyan niya ang kanyang sarili ng dalahin ng kataksilan at nang malinaw na kasalanan.

وَمَن يَكْسِبْ خَطِيٓـَٔةً أَوْ إِثْمًا ثُمَّ يَرْمِ بِهِۦ بَرِيٓـًٔا فَقَدِ ٱحْتَمَلَ بُهْتَٰنًا وَإِثْمًا مُّبِينًا ﴿١١٢﴾

وَلَوْلَا فَضْلُ ٱللَّهِ عَلَيْكَ وَرَحْمَتُهُۥ لَهَمَّت
طَّآئِفَةٌ مِّنْهُمْ أَن يُضِلُّوكَ وَمَا
يُضِلُّونَ إِلَّآ أَنفُسَهُمْ ۖ وَمَا يَضُرُّونَكَ
مِن شَىْءٍ ۚ وَأَنزَلَ ٱللَّهُ عَلَيْكَ ٱلْكِتَٰبَ
وَٱلْحِكْمَةَ وَعَلَّمَكَ مَا لَمْ تَكُن تَعْلَمُ ۚ
وَكَانَ فَضْلُ ٱللَّهِ عَلَيْكَ عَظِيمًا ﴿١١٣﴾

113. At kung hindi lamang ang Biyaya ni Allah at Kanyang Habag ay nasa sa iyo (O Muhammad), may isang pangkat sa kanila (na mga salawahan) ang katiyakang gagawa ng pasya upang ikaw ay iligaw, datapuwa't (sa katotohanan), wala silang (ibang) maililigaw (sa Tamang Landas) maliban sa kanilang sarili, at walang anumang kasahulan ang magagawa nila sa iyo kahit na katiting. Ipinanaog ni Allah sa iyo ang Aklat (ang Qur'an) at *Al-Hikmah* (Batas Islamiko, karunungan sa legal at di-legal na bagay, atbp.) at nagturo sa iyo ng hindi mo nalalaman. At Laging Dakila ang Biyaya ni Allah sa iyo (O Muhammad).

۞ لَّا خَيْرَ فِى كَثِيرٍ مِّن نَّجْوَىٰهُمْ إِلَّا
مَنْ أَمَرَ بِصَدَقَةٍ أَوْ مَعْرُوفٍ أَوْ إِصْلَٰحٍۭ
بَيْنَ ٱلنَّاسِ ۚ وَمَن يَفْعَلْ ذَٰلِكَ ٱبْتِغَآءَ
مَرْضَاتِ ٱللَّهِ فَسَوْفَ نُؤْتِيهِ أَجْرًا عَظِيمًا
﴿١١٤﴾

114. Walang anumang mabuti ang karamihan sa kanilang lihim na usapan, maliban sa kanya (sa lipon nila) na nag-uutos ng *Sadaqah* (ang kawanggawa sa Kapakanan ni Allah), o paggawa ng *Ma'ruf* (ang Pananampalataya sa Kaisahan ni Allah, at lahat nang mabuti at matuwid na mga gawa na ipinag-utos ni Allah), o papagkasunduin ang mga tao, at siya na gumawa nito na naghahanap ng mabuting kasiyahan ni Allah, sa kanya ay Aming ipagkakaloob ang malaking gantimpala.

وَمَن يُشَاقِقِ ٱلرَّسُولَ مِنۢ بَعْدِ مَا تَبَيَّنَ لَهُ
ٱلْهُدَىٰ وَيَتَّبِعْ غَيْرَ سَبِيلِ ٱلْمُؤْمِنِينَ نُوَلِّهِۦ
مَا تَوَلَّىٰ وَنُصْلِهِۦ جَهَنَّمَ ۖ وَسَآءَتْ مَصِيرًا
﴿١١٥﴾

115. At sinuman ang sumalansang at tumutol sa Sugo (Muhammad) pagkaraang ang wastong landas ay maliwanag na ipinakita sa kanya, at sumunod sa iba pa maliban sa Landas ng mga sumasampalataya, siya ay Aming pananatilihin sa landas na kanyang pinili at siya ay Aming ibubulid (susunugin) sa Impiyerno; ah, isang masamang hantungan!

إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَغْفِرُ أَن يُشْرَكَ بِهِۦ وَيَغْفِرُ مَا
دُونَ ذَٰلِكَ لِمَن يَشَآءُ ۚ وَمَن يُشْرِكْ بِٱللَّهِ
فَقَدْ ضَلَّ ضَلَٰلًۢا بَعِيدًا ﴿١١٦﴾

116. Katotohanan! Si Allah ay hindi nagpapatawad (sa kasalanan) nang pagbibigay ng mga katambal sa pagsamba (sa Kanya), datapuwa't Siya ay nagpapatawad sa ibang mga kasalanan maliban pa rito sa sinumang Kanyang maibigan, at sinuman ang mag-akibat ng katambal sa pagsamba kay Allah ay katiyakang napaligaw nang malayo.

إِن يَدْعُونَ مِن دُونِهِۦٓ إِلَّآ إِنَٰثًا وَإِن

117. Sila na sumasamba sa iba (maliban pa kay Allah) ay naninikluhod (nananawagan) sa wala

kundi sa mga diyus-diyosan (na tinatawag sa mga pangalang babae), at wala silang pinaninikluhuran maliban kay Satanas, isang nagpupumilit sa paghihimagsik.

يَدْعُونَ إِلَّا شَيْطَٰنًا مَّرِيدًا ﴿١١٧﴾

118. Si Allah ay sumumpa sa kanya. At siya (Satanas) ay nagsabi: "Aking kukunin ang natatakdaang bilang ng Inyong mga alipin;

لَّعَنَهُ ٱللَّهُ ۘ وَقَالَ لَأَتَّخِذَنَّ مِنْ عِبَادِكَ نَصِيبًا مَّفْرُوضًا ﴿١١٨﴾

119. Katotohanang sila ay aking ililihis (sa Tamang Landas), at katiyakang aking pag-aalabin sa kanila ang huwad (makasalanan) na pagnanasa (upang sa gayon ay hindi na nila isaalang-alang ang Muling Pagkabuhay); at katiyakang aking ipag-uutos na gilitan nila ang mga tainga ng bakahan (katulad nang ginagawa nila bago pa man ang Islam), at katotohanang aking ipag-uutos na palitan nila ang kalikasan na nilikha ni Allah (alalaong baga, papalitan nila ang likas na pagkilala kay Allah sa kawalang-pananampalataya sa Kanya)." At sinuman ang tumangkilik kay Satanas bilang isang *Wali* (tagapangalaga o tagapagtangkilik) sa halip ni Allah ay katiyakang nagdusa ng maliwanag na pagkalugi.

وَلَأُضِلَّنَّهُمْ وَلَأُمَنِّيَنَّهُمْ وَلَءَامُرَنَّهُمْ فَلَيُبَتِّكُنَّ ءَاذَانَ ٱلْأَنْعَٰمِ وَلَءَامُرَنَّهُمْ فَلَيُغَيِّرُنَّ خَلْقَ ٱللَّهِ ۚ وَمَن يَتَّخِذِ ٱلشَّيْطَٰنَ وَلِيًّا مِّن دُونِ ٱللَّهِ فَقَدْ خَسِرَ خُسْرَانًا مُّبِينًا ﴿١١٩﴾

120. Siya (Satanas) ay gumawa sa kanila ng mga pangako (na walang katotohanan), at pinag-aalab niya sa kanila ang huwad (makasalanan) na pagnanasa; at ang mga pangako ni Satanas ay wala ng iba kundi mga pandaraya.

يَعِدُهُمْ وَيُمَنِّيهِمْ ۖ وَمَا يَعِدُهُمُ ٱلشَّيْطَٰنُ إِلَّا غُرُورًا ﴿١٢٠﴾

121. Ang tirahan ng mga gayong (tao) ay Impiyerno, at sila ay hindi makakatagpo ng daan upang makatakas dito.

أُو۟لَٰٓئِكَ مَأْوَىٰهُمْ جَهَنَّمُ وَلَا يَجِدُونَ عَنْهَا مَحِيصًا ﴿١٢١﴾

122. At ang mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at gumagawa ng kabutihan; sila ay Aming tatanggapin sa Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso) upang manahan dito magpakailanman. Ang pangako ni Allah ay Katotohanan, at kanino pa kayang Salita ang higit na makatotohanan maliban kay Allah? (Tunay ngang wala ng iba).

وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ سَنُدْخِلُهُمْ جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَآ أَبَدًا ۖ وَعْدَ ٱللَّهِ حَقًّا ۚ وَمَنْ أَصْدَقُ مِنَ ٱللَّهِ قِيلًا ﴿١٢٢﴾

123. Ito (ang Paraiso), ay hindi ninyo (O mga

لَّيْسَ بِأَمَانِيِّكُمْ وَلَآ أَمَانِىِّ أَهْلِ

Muslim) makakamit sa pamamagitan lamang ng inyong mapagnais (mapagnasa) na saloobin, gayundin (ay hindi ito makakamit) ng mapagnais (mapagnasa) na saloobin ng Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano). Sinumang gumawa ng kasamaan ay makakatanggap ng kabayaran (kaparusahan) nito, at siya ay hindi makakatagpo ng sinumang tagapangalaga (tagatangkilik) at tagapagtanggol maliban pa kay Allah.

مَن يَعْمَلْ سُوٓءًا يُجْزَ بِهِۦ وَلَا يَجِدْ لَهُۥ مِن دُونِ ٱللَّهِ وَلِيًّا وَلَا نَصِيرًا ﴿١٢٣﴾

124. At sinuman ang gumawa ng kabutihan, maging siya ay lalaki o babae, at isang tunay na nananampalataya sa Kaisahan ni Allah (Muslim), sila ay papasok sa Paraiso at walang isa mang katiting na kawalang-katarungan, maging ito (man) ay kasinglaki ng mantsa (batik) sa likod ng buto ng palmera ang igagawad sa kanila.

وَمَن يَعْمَلْ مِنَ ٱلصَّٰلِحَٰتِ مِن ذَكَرٍ أَوْ أُنثَىٰ وَهُوَ مُؤْمِنٌ فَأُو۟لَٰٓئِكَ يَدْخُلُونَ ٱلْجَنَّةَ وَلَا يُظْلَمُونَ نَقِيرًا ﴿١٢٤﴾

125. At sino pa kaya ang higit na mabuti sa pananampalataya maliban sa kanya na nagsuko ng kanyang sarili kay Allah (ang pagsunod sa Islam); at siya ay isang *Muhsin* (mapaggawa ng kabutihan). At sumunod sa pananampalataya ni Abraham na *Hanifan* (sumasamba lamang kay Allah). At si Allah ang humirang kay Abraham bilang isang *Khalil* (ang pinakamamahal Niyang alipin).

وَمَنْ أَحْسَنُ دِينًا مِّمَّنْ أَسْلَمَ وَجْهَهُۥ لِلَّهِ وَهُوَ مُحْسِنٌ وَٱتَّبَعَ مِلَّةَ إِبْرَٰهِيمَ حَنِيفًا ۗ وَٱتَّخَذَ ٱللَّهُ إِبْرَٰهِيمَ خَلِيلًا ﴿١٢٥﴾

126. At si Allah ang Nag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan. At si Allah ang Lalagi nang Nakasasakop (Nakatatalos) ng lahat ng bagay.

وَلِلَّهِ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ بِكُلِّ شَىْءٍ مُّحِيطًا ﴿١٢٦﴾

127. At sila ay nagtatanong sa iyo ng legal na pasiya tungkol sa kababaihan; (iyong) ipagbadya: "Si Allah ang nag-utos sa inyo tungkol sa kanila, at kung ano ang dinalit sa inyo sa Aklat, tungkol sa mga ulilang babae na hindi ninyo ginawaran ng itinalagang bahagi (ang tungkol sa *Mahr* [handog sa kasal] at pamana), magkagayunman ay inyong ninanasa na mapangasawa, gayundin ang (tungkol) sa mga batang mahihina at inaapi, na kayo ay maging makatarungan sa mga ulila. At anumang mabuti ang inyong ginawa, si Allah ay Lalagi

وَيَسْتَفْتُونَكَ فِى ٱلنِّسَآءِ ۖ قُلِ ٱللَّهُ يُفْتِيكُمْ فِيهِنَّ وَمَا يُتْلَىٰ عَلَيْكُمْ فِى ٱلْكِتَٰبِ فِى يَتَٰمَى ٱلنِّسَآءِ ٱلَّٰتِى لَا تُؤْتُونَهُنَّ مَا كُتِبَ لَهُنَّ وَتَرْغَبُونَ أَن تَنكِحُوهُنَّ وَٱلْمُسْتَضْعَفِينَ مِنَ ٱلْوِلْدَٰنِ وَأَن تَقُومُوا۟ لِلْيَتَٰمَىٰ بِٱلْقِسْطِ ۚ وَمَا تَفْعَلُوا۟ مِنْ خَيْرٍ فَإِنَّ ٱللَّهَ كَانَ بِهِۦ عَلِيمًا ﴿١٢٧﴾

nang Nakababatid ng mga ito.

128. At kung ang isang babae ay magkaroon ng pangangamba sa kalupitan o pag-iwan sa kanya ng kanyang asawa, hindi isang kasalanan sa kanila kung sila ay gumawa ng pakikipagsundo (pakikipag-ayos) sa pagitan nila (alalaong baga, siya ay pinapayagan na mawalan ng karapatan sa lahat o bahagi ng kanyang mga karapatan, tulad ng pagkain, kasuutan, tahanan, at mga iba pa; at ang asawang lalaki ay pinapayagan na tanggapin ang gayong pagbibigay-kaloob [pribilehiyo] mula sa kanya [babae]; at ang pakikipagkasundo (pakikipag-ayos) ay higit na mainam (kaysa sa paghihiwalay), at ang mga kaluluwa (katauhan) ay nahihilig sa kasakiman (pagiging maramot). Datapuwa't kung kayo ay gumawa ng kabutihan at umiwas sa kasalanan, katotohanang si Allah ay Lalagi nang Nakababatid ng anumang inyong ginagawa.

وَإِنِ ٱمْرَأَةٌ خَافَتْ مِنۢ بَعْلِهَا نُشُوزًا أَوْ إِعْرَاضًا فَلَا جُنَاحَ عَلَيْهِمَآ أَن يُصْلِحَا بَيْنَهُمَا صُلْحًا ۚ وَٱلصُّلْحُ خَيْرٌ ۗ وَأُحْضِرَتِ ٱلْأَنفُسُ ٱلشُّحَّ ۚ وَإِن تُحْسِنُوا۟ وَتَتَّقُوا۟ فَإِنَّ ٱللَّهَ كَانَ بِمَا تَعْمَلُونَ خَبِيرًا ﴿١٢٨﴾

129. Hindi kailanman kayo makagagawa nang ganap na pakikitungo ng may (pantay) na katarungan sa pagitan ng inyong mga asawang (babae), kahima't ito ang inyong maalab na naisin, kaya't kayo ay huwag na lubhang kumiling sa isa sa kanila (sa pagbibigay nang higit ninyong panahon at handog) upang ang iba ay maiwan na nasa alanganin (alalaong baga, hindi diniborsyo o hindi pinangasawa). At kung kayo ay gagawa ng katarungan, at gagawa ng lahat ng matuwid at magkaroon ng pagkatakot kay Allah sa pamamagitan nang pag-iwas sa lahat ng kamalian, kung gayon, si Allah ay Lalagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَلَن تَسْتَطِيعُوٓا۟ أَن تَعْدِلُوا۟ بَيْنَ ٱلنِّسَآءِ وَلَوْ حَرَصْتُمْ ۖ فَلَا تَمِيلُوا۟ كُلَّ ٱلْمَيْلِ فَتَذَرُوهَا كَٱلْمُعَلَّقَةِ ۚ وَإِن تُصْلِحُوا۟ وَتَتَّقُوا۟ فَإِنَّ ٱللَّهَ كَانَ غَفُورًا رَّحِيمًا ﴿١٢٩﴾

130. Datapuwa't kung sila ay maghiwalay (sa pamamagitan ng diborsyo), si Allah ang magkakaloob ng kasaganaan sa bawat isa sa kanila mula sa Kanyang Biyaya. At si Allah ay Lalagi nang may Kasapatan sa lahat ng pangangailangan ng Kanyang mga nilikha, ang Tigib ng Karunungan.

وَإِن يَتَفَرَّقَا يُغْنِ ٱللَّهُ كُلًّا مِّن سَعَتِهِۦ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ وَٰسِعًا حَكِيمًا ﴿١٣٠﴾

131. At si Allah ang nag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan. At

وَلِلَّهِ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ

katotohanan na Aming pinagtagubilinan ang Angkan ng Kasulatan na nangauna sa inyo, at kayo (O mga Muslim), na inyong pangambahan si Allah at inyong panatilihin ang inyong tungkulin sa Kanya, datapuwa't kung kayo ay hindi manampalataya, kung gayon, kay Allah ang pag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan, at si Allah ay Lalagi nang Masagana (hindi nangangailangan ng anuman), ang Karapat-dapat sa lahat ng mga Papuri.

وَلَقَدْ وَصَّيْنَا ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ مِن قَبْلِكُمْ وَإِيَّاكُمْ أَنِ ٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ ۚ وَإِن تَكْفُرُوا۟ فَإِنَّ لِلَّهِ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ غَنِيًّا حَمِيدًا ﴿١٣١﴾

132. At kay Allah ang pag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan. At si Allah ay Lalagi nang Sapat bilang tagapamahala ng mga pangyayari.

وَلِلَّهِ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ ۚ وَكَفَىٰ بِٱللَّهِ وَكِيلًا ﴿١٣٢﴾

133. Kung Kanyang naisin, magagawa Niyang wasakin kayo, O sangkatauhan, at lumikha ng panibagong lahi (nilikha na bukod sa inyo). At si Allah ay may Ganap na Kapangyarihan sa ganitong bagay.

إِن يَشَأْ يُذْهِبْكُمْ أَيُّهَا ٱلنَّاسُ وَيَأْتِ بِـَٔاخَرِينَ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ عَلَىٰ ذَٰلِكَ قَدِيرًا ﴿١٣٣﴾

134. At sinuman ang magnais ng gantimpala sa buhay sa mundong ito, kung gayon, kay Allah (lamang at wala ng iba) ang gantimpala sa makamundong buhay na ito at ng Kabilang Buhay. At si Allah ay Lalagi nang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Nakamamasid.

مَّن كَانَ يُرِيدُ ثَوَابَ ٱلدُّنْيَا فَعِندَ ٱللَّهِ ثَوَابُ ٱلدُّنْيَا وَٱلْـَٔاخِرَةِ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ سَمِيعًۢا بَصِيرًا ﴿١٣٤﴾

135. O kayong nagsisisampalataya! Manindigan kayo nang matatag sa katarungan bilang mga saksi kay Allah, kahima't ito ay maging laban sa inyong sarili, o sa inyong magulang, o sa inyong kamag-anak; (kahima't anuman ang kalagayan ng tao na inyong nasasaksihan) maging mayaman (man siya) o mahirap, si Allah ay higit na karapat-dapat na tagapangalaga sa kanila (kapwa sa mayaman at mahirap). Kaya't huwag ninyong sundin ang paghahangad (ng inyong puso), baka (mangyaring) kayo ay umiwas sa katarungan, at kung inyong baligtarin (ang katarungan) o tumanggi na gumawa ng katarungan, katotohanang si Allah ay Lalagi nang Nakababatid ng anumang inyong ginagawa.

۞ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ كُونُوا۟ قَوَّٰمِينَ بِٱلْقِسْطِ شُهَدَآءَ لِلَّهِ وَلَوْ عَلَىٰٓ أَنفُسِكُمْ أَوِ ٱلْوَٰلِدَيْنِ وَٱلْأَقْرَبِينَ ۚ إِن يَكُنْ غَنِيًّا أَوْ فَقِيرًا فَٱللَّهُ أَوْلَىٰ بِهِمَا ۖ فَلَا تَتَّبِعُوا۟ ٱلْهَوَىٰٓ أَن تَعْدِلُوا۟ ۚ وَإِن تَلْوُۥٓا۟ أَوْ تُعْرِضُوا۟ فَإِنَّ ٱللَّهَ كَانَ بِمَا تَعْمَلُونَ خَبِيرًا ﴿١٣٥﴾

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ ءَامِنُوا۟ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ وَٱلْكِتَٰبِ ٱلَّذِى نَزَّلَ عَلَىٰ رَسُولِهِۦ وَٱلْكِتَٰبِ ٱلَّذِىٓ أَنزَلَ مِن قَبْلُ ۚ وَمَن يَكْفُرْ بِٱللَّهِ وَمَلَٰٓئِكَتِهِۦ وَكُتُبِهِۦ وَرُسُلِهِۦ وَٱلْيَوْمِ ٱلْءَاخِرِ فَقَدْ ضَلَّ ضَلَٰلًۢا بَعِيدًا ﴿١٣٦﴾

136. O kayong nagsisisampalataya! Manampalataya kay Allah at (maniwala) sa Kanyang Sugo (Muhammad), at sa Aklat (ang Qur'an) na ipinanaog Niya sa Kanyang Sugo, at sa Kasulatan na Kanyang ipinanaog nang una (pa sa kanya), at sinuman ang hindi manampalataya kay Allah, (at maniwala) sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Aklat, sa Kanyang mga Sugo, at sa Huling Araw, kung gayon, katotohanang siya ay napaligaw nang malayo.

إِنَّ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ثُمَّ كَفَرُوا۟ ثُمَّ ءَامَنُوا۟ ثُمَّ كَفَرُوا۟ ثُمَّ ٱزْدَادُوا۟ كُفْرًا لَّمْ يَكُنِ ٱللَّهُ لِيَغْفِرَ لَهُمْ وَلَا لِيَهْدِيَهُمْ سَبِيلًۢا ﴿١٣٧﴾

137. Katotohanan, ang mga sumasampalataya; at (kung sila) ay bumalik sa kawalan ng pananampalataya, at muling nanampalataya, at muling bumalik sa kawalan ng pananampalataya, at nagpatuloy sa masahol na kawalan ng pananampalataya; si Allah ay hindi magpapatawad sa kanila, gayundin naman, sila ay hindi Niya gagabayan sa (Tamang) Landas.

بَشِّرِ ٱلْمُنَٰفِقِينَ بِأَنَّ لَهُمْ عَذَابًا أَلِيمًا ﴿١٣٨﴾

138. Iparating sa mga mapagkunwari ang balita na sa kanila (ay naghihintay) ang isang kasakit-sakit na kaparusahan.

ٱلَّذِينَ يَتَّخِذُونَ ٱلْكَٰفِرِينَ أَوْلِيَآءَ مِن دُونِ ٱلْمُؤْمِنِينَ ۚ أَيَبْتَغُونَ عِندَهُمُ ٱلْعِزَّةَ فَإِنَّ ٱلْعِزَّةَ لِلَّهِ جَمِيعًا ﴿١٣٩﴾

139. Ang mga tumatangkilik sa mga hindi sumasampalataya bilang kanilang *Auliya* (tagapangalaga o tagatangkilik o kaibigan) sa halip ng mga sumasampalataya; sila baga ay naghahanap sa kanila ng karangalan? Katotohanan, ang lahat ng karangalan ay (tanging) na kay Allah lamang.

وَقَدْ نَزَّلَ عَلَيْكُمْ فِى ٱلْكِتَٰبِ أَنْ إِذَا سَمِعْتُمْ ءَايَٰتِ ٱللَّهِ يُكْفَرُ بِهَا وَيُسْتَهْزَأُ بِهَا فَلَا تَقْعُدُوا۟ مَعَهُمْ حَتَّىٰ يَخُوضُوا۟ فِى حَدِيثٍ غَيْرِهِۦٓ ۚ إِنَّكُمْ إِذًا مِّثْلُهُمْ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ جَامِعُ ٱلْمُنَٰفِقِينَ وَٱلْكَٰفِرِينَ فِى جَهَنَّمَ جَمِيعًا ﴿١٤٠﴾

140. At naipahayag nang ganap sa inyo sa Aklat (ang Qur'an), na kung inyong maririnig ang mga Talata ni Allah na itinatakwil at tinutuya, kung gayon, huwag kayong makiupo sa kanila, hanggang sa sila ay magkaroon ng pag-uusap na naiiba rito; (datapuwa't kung kayo ay manatili sa kanila), katiyakan, na sa ganitong kalagayan, kayo ay magiging katulad (din) nila. Katotohanang titipunin ni Allah ang mga mapagkunwari at mga hindi sumasampalataya nang sama-sama sa Impiyerno,

ٱلَّذِينَ يَتَرَبَّصُونَ بِكُمْ فَإِن كَانَ لَكُمْ فَتْحٌ مِّنَ ٱللَّهِ قَالُوٓا۟ أَلَمْ نَكُن مَّعَكُمْ وَإِن كَانَ

141. Ang (mga mapagkunwari) na naghihintay at nagmamatyag sa inyo; kung kayo ay makapagtamasa ng tagumpay mula kay Allah,

sila ay nagsasabi: "Hindi baga kami ay nasa panig ninyo?", datapuwa't kung ang mga hindi sumasampalataya ay nakapagwagi ng tagumpay, sila ay nagsasabi (sa kanila): "Hindi baga kami ay tumulong sa inyo at pinangalagaan (ipinagtanggol) kayo (laban) sa mga sumasampalataya?" Si Allah ang hahatol sa pagitan ninyong (lahat) sa Araw ng Muling Pagkabuhay. At hindi kailanman ipagkakaloob ni Allah sa mga hindi sumasampalataya ang paraan (upang makapagwagi) laban sa mga sumasampalataya.

لِلْكَٰفِرِينَ نَصِيبٌ قَالُوٓا۟ أَلَمْ نَسْتَحْوِذْ عَلَيْكُمْ وَنَمْنَعْكُم مِّنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ۚ فَٱللَّهُ يَحْكُمُ بَيْنَكُمْ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ ۗ وَلَن يَجْعَلَ ٱللَّهُ لِلْكَٰفِرِينَ عَلَى ٱلْمُؤْمِنِينَ سَبِيلًا ﴿١٤١﴾

142. Katotohanan, ang mga mapagkunwari ay naghahangad na linlangin si Allah, datapuwa't Siya ang lilinlang sa kanila. At kung sila ay magsitindig para sa pagdarasal, sila ay tumitindig ng may katamaran at upang mamalas lamang ng mga tao, at hindi nila naaala-ala si Allah maliban sa katiting (madalang) lamang.

إِنَّ ٱلْمُنَٰفِقِينَ يُخَٰدِعُونَ ٱللَّهَ وَهُوَ خَٰدِعُهُمْ وَإِذَا قَامُوٓا۟ إِلَى ٱلصَّلَوٰةِ قَامُوا۟ كُسَالَىٰ يُرَآءُونَ ٱلنَّاسَ وَلَا يَذْكُرُونَ ٱللَّهَ إِلَّا قَلِيلًا ﴿١٤٢﴾

143. Sila (ang mapagkunwari) ay nag-uurong-sulong sa pagitan nito (at niyaon), at hindi nabibilang sa alinman sa mga ito (mga sumasampalataya) o sa mga yaon (hindi sumasampalataya), at sinuman ang hayaan ni Allah na mapaligaw, kayo ay hindi makakatagpo para sa kanya ng daan (tungo sa Tamang Landas).

مُّذَبْذَبِينَ بَيْنَ ذَٰلِكَ لَآ إِلَىٰ هَٰٓؤُلَآءِ وَلَآ إِلَىٰ هَٰٓؤُلَآءِ ۚ وَمَن يُضْلِلِ ٱللَّهُ فَلَن تَجِدَ لَهُۥ سَبِيلًا ﴿١٤٣﴾

144. O kayong nagsisisampalataya! Huwag ninyong tangkilikin bilang *Auliya* (mga tagapangalaga o kaibigan) ang mga hindi sumasampalataya sa halip ng mga sumasampalataya. Nais ba ninyong ihandog kay Allah ang isang maliwanag na katibayan laban sa inyong sarili?

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَتَّخِذُوا۟ ٱلْكَٰفِرِينَ أَوْلِيَآءَ مِن دُونِ ٱلْمُؤْمِنِينَ ۚ أَتُرِيدُونَ أَن تَجْعَلُوا۟ لِلَّهِ عَلَيْكُمْ سُلْطَٰنًا مُّبِينًا ﴿١٤٤﴾

145. Katotohanan, ang mga mapagkunwari ay mapapasakailaliman (ng antas) ng Apoy; walang sinumang tagatangkilik ang inyong matatagpuan para sa kanila,

إِنَّ ٱلْمُنَٰفِقِينَ فِى ٱلدَّرْكِ ٱلْأَسْفَلِ مِنَ ٱلنَّارِ وَلَن تَجِدَ لَهُمْ نَصِيرًا ﴿١٤٥﴾

146. Maliban sa mga nagsisisi (sa kanilang pagiging mapagkunwari), at gumagawa ng kabutihan, at nagtitiwala kay Allah, at nagpapadalisay ng kanilang pananampalataya

إِلَّا ٱلَّذِينَ تَابُوا۟ وَأَصْلَحُوا۟ وَٱعْتَصَمُوا۟ بِٱللَّهِ وَأَخْلَصُوا۟ دِينَهُمْ لِلَّهِ فَأُو۟لَٰٓئِكَ مَعَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ۖ وَسَوْفَ يُؤْتِ ٱللَّهُ ٱلْمُؤْمِنِينَ

أَجْرًا عَظِيمًا ﴿١٤٦﴾

kay Allah (sa pamamagitan ng tanging pagsamba lamang sa Kanya at gumagawa ng kabutihan dahilan kay Allah), (kung magkagayon), sila ay mapapabilang sa mga sumasampalataya. At si Allah ay magkakaloob sa mga sumasampalataya ng malaking gantimpala.

مَّا يَفْعَلُ ٱللَّهُ بِعَذَابِكُمْ إِن شَكَرْتُمْ وَءَامَنتُمْ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ شَاكِرًا عَلِيمًا ﴿١٤٧﴾

147. Ano ang mapapakinabang ni Allah sa inyong kaparusahan, kung kayo ay may pasasalamat at nananampalataya sa Kanya? Si Allah ay Lubos na Tumutugon sa (nagbibigay ng) pagpapasalamat (utang na loob), ang Ganap na Maalam.

۞ لَّا يُحِبُّ ٱللَّهُ ٱلْجَهْرَ بِٱلسُّوٓءِ مِنَ ٱلْقَوْلِ إِلَّا مَن ظُلِمَ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ سَمِيعًا عَلِيمًا ﴿١٤٨﴾

148. Hindi nagugustuhan ni Allah ang pagsasalita ng masasamang salita sa harap ng mga tao maliban sa kanya na ginawaran ng kawalang-katarungan (siya ay pinahihintulutang magbalita sa kasamaan ng taong gumawa ng di-makatarungan sa kanya upang malaman ng iba). At si Allah ay Lalagi nang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam.

إِن تُبْدُوا۟ خَيْرًا أَوْ تُخْفُوهُ أَوْ تَعْفُوا۟ عَن سُوٓءٍ فَإِنَّ ٱللَّهَ كَانَ عَفُوًّا قَدِيرًا ﴿١٤٩﴾

149. Kung kayo ay gagawa ng kabutihan sa hayag, o di kaya ay sa lihim, o magpapatawad sa isang kasamaan, katotohanang si Allah ay Lalagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamakapangyarihan.

إِنَّ ٱلَّذِينَ يَكْفُرُونَ بِٱللَّهِ وَرُسُلِهِۦ وَيُرِيدُونَ أَن يُفَرِّقُوا۟ بَيْنَ ٱللَّهِ وَرُسُلِهِۦ وَيَقُولُونَ نُؤْمِنُ بِبَعْضٍ وَنَكْفُرُ بِبَعْضٍ وَيُرِيدُونَ أَن يَتَّخِذُوا۟ بَيْنَ ذَٰلِكَ سَبِيلًا ﴿١٥٠﴾

150. Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya kay Allah (mula sa lipon ng mga Hudyo at Kristiyano) at sa Kanyang mga Sugo at nagnanais na gumawa ng pagtatangi-tangi sa pagitan ni Allah at ng Kanyang mga Sugo (sa pamamagitan nang pananalig kay Allah at hindi paniniwala sa Kanyang mga Sugo) na nagsasabi: "Kami ay nananampalataya sa iba (alalaong baga, sa ilan sa mga Propeta) subalit (kami rin) ay nagtatakwil sa iba," at nagnanais na magpatibay ng isang daan sa pagitan ng paniniwala at di-paniniwala,

أُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْكَٰفِرُونَ حَقًّا ۚ وَأَعْتَدْنَا لِلْكَٰفِرِينَ عَذَابًا مُّهِينًا ﴿١٥١﴾

151. Sa katotohanan, sila ay mga (tunay na) hindi nananampalataya; at Aming inihanda sa mga hindi sumasampalataya ang kaaba-abang kaparusahan.

وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ بِٱللَّهِ وَرُسُلِهِۦ وَلَمْ يُفَرِّقُوا۟ بَيْنَ أَحَدٍ مِّنْهُمْ أُو۟لَٰٓئِكَ سَوْفَ يُؤْتِيهِمْ أُجُورَهُمْ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ غَفُورًا رَّحِيمًا ﴿١٥٢﴾

152. At sa mga sumasampalataya kay Allah at (naniniwala) sa Kanyang mga Sugo at hindi nagbibigay ng pagtatangi-tangi sa pagitan ng sinuman sa kanila, katiyakan na Aming ipagkakaloob sa kanila ang kanilang gantimpala, at si Allah ay Lalagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

يَسْـَٔلُكَ أَهْلُ ٱلْكِتَٰبِ أَن تُنَزِّلَ عَلَيْهِمْ كِتَٰبًا مِّنَ ٱلسَّمَآءِ ۚ فَقَدْ سَأَلُوا۟ مُوسَىٰٓ أَكْبَرَ مِن ذَٰلِكَ فَقَالُوٓا۟ أَرِنَا ٱللَّهَ جَهْرَةً فَأَخَذَتْهُمُ ٱلصَّٰعِقَةُ بِظُلْمِهِمْ ۚ ثُمَّ ٱتَّخَذُوا۟ ٱلْعِجْلَ مِنۢ بَعْدِ مَا

153. Ang angkan ng Kasulatan (mga Hudyo) ay humihiling sa iyo (O Muhammad) na mangyaring ipapanaog sa kanila ang isang aklat mula sa langit. Katotohanang sila ay humiling kay Moises nang higit pang dakila rito, nang kanilang sabihin: "Ipakita mo sa amin si Allah

nang lantaran," datapuwa't sila ay sinakmal ng dagundong ng kulog at kidlat dahil sa kanilang kabuktutan. (Ngunit) pagkaraan, ay kanilang sinamba ang batang baka (na yari sa ginto) kahit na pagkaraang dumatal ang maliwanag na mga katibayan at tanda sa kanila. (Gayunpaman) ay Aming pinatawad sila; at binigyan (Namin) si Moises nang maliwanag na katibayan (mga Himalang nagpatotoo sa kanya).

جَآءَتْهُمُ ٱلْبَيِّنَٰتُ فَعَفَوْنَا عَن ذَٰلِكَ ۚ وَءَاتَيْنَا مُوسَىٰ سُلْطَٰنًا مُّبِينًا ﴿١٥٣﴾

154. At para sa kanilang Kasunduan ay Aming itinaas sa ibabaw nila ang Bundok (ng Tur sa Sinai) at (sa ibang pangyayari) ay Aming winika: "Magsipasok kayo sa tarangkahan na nagpapatirapa (o yumuyukod) ng may kapakumbabaan"; at (muli) sila ay Aming pinag-utusan: "Huwag kayong lumabag (alalaong baga, ang panghuhuli ng mga isda sa dagat) kung (araw) ng Sabado." At nakipagkasundo Kami sa kanila ng isang matibay na Kasunduan.

وَرَفَعْنَا فَوْقَهُمُ ٱلطُّورَ بِمِيثَٰقِهِمْ وَقُلْنَا لَهُمُ ٱدْخُلُوا۟ ٱلْبَابَ سُجَّدًا وَقُلْنَا لَهُمْ لَا تَعْدُوا۟ فِى ٱلسَّبْتِ وَأَخَذْنَا مِنْهُم مِّيثَٰقًا غَلِيظًا ﴿١٥٤﴾

155. At dahilan sa kanilang pagsira sa Kasunduan at kanilang pagtatakwil sa *Ayat* (mga katibayan, aral, kapahayagan, tanda, atbp.) ni Allah, at sa kanilang pagpatay sa mga Propeta ng walang katarungan, at sa kanilang pagsasabi: "Ang aming puso ay nababalutan (alalaong baga, hindi namin nauunawaan kung ano ang sinasabi ng mga Sugo)", datapuwa't si Allah ay naglagay ng sagka sa kanilang (puso) dahilan sa kanilang kawalan ng pananampalataya, kaya't sila ay hindi nananampalataya maliban sa kaunti lamang.

فَبِمَا نَقْضِهِم مِّيثَٰقَهُمْ وَكُفْرِهِم بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ وَقَتْلِهِمُ ٱلْأَنۢبِيَآءَ بِغَيْرِ حَقٍّ وَقَوْلِهِمْ قُلُوبُنَا غُلْفٌۢ ۚ بَلْ طَبَعَ ٱللَّهُ عَلَيْهَا بِكُفْرِهِمْ فَلَا يُؤْمِنُونَ إِلَّا قَلِيلًا ﴿١٥٥﴾

156. At dahilan sa kanilang (mga Hudyo) hindi pananampalataya at sa kanilang pagsasabi ng laban kay Maria ng isang mabigat at walang katotohanang paratang (na siya ay gumawa ng bawal na pakikipagtalik [sa lalaki]);

وَبِكُفْرِهِمْ وَقَوْلِهِمْ عَلَىٰ مَرْيَمَ بُهْتَٰنًا عَظِيمًا ﴿١٥٦﴾

157. At sa kanilang pagsasabi (na nagpaparangalan): "Aming pinatay ang Mesiyas na si Hesus, ang anak ni Maria, ang Sugo ni Allah, datapuwa't siya ay hindi nila napatay, gayundin naman, siya ay hindi nila naibayubay sa krus, datapuwa't ang nailagay na lalaki ay

وَقَوْلِهِمْ إِنَّا قَتَلْنَا ٱلْمَسِيحَ عِيسَى ٱبْنَ مَرْيَمَ رَسُولَ ٱللَّهِ وَمَا قَتَلُوهُ وَمَا صَلَبُوهُ وَلَٰكِن شُبِّهَ لَهُمْ ۚ وَإِنَّ ٱلَّذِينَ ٱخْتَلَفُوا۟ فِيهِ لَفِى شَكٍّ مِّنْهُ ۚ مَا لَهُم بِهِۦ مِنْ عِلْمٍ إِلَّا ٱتِّبَاعَ ٱلظَّنِّ ۚ وَمَا قَتَلُوهُ

kawangis ni Hesus (at kanilang napatay ang lalaking ito), at ang may pagkakahidwa (o ibang paniniwala) rito ay puspos ng alinlangan, na ang kaalaman ay walang (katiyakan); wala silang sinusunod maliban sa haka-haka, sapagkat katotohanang siya (alalaong baga, si Hesus na anak ni Maria) ay hindi nila napatay;

يَقِينًا ﴿١٥٧﴾

158. Datapuwa't itinaas siya (Hesus) sa (kanyang katawan at kaluluwa) ni Allah sa Kanyang piling (at si Hesus ay nasa kalangitan [ngayon]). At si Allah ay Lalagi nang Makapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

بَل رَّفَعَهُ ٱللَّهُ إِلَيْهِ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ عَزِيزًا حَكِيمًا ﴿١٥٨﴾

159. At walang sinuman sa Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano), ang maliliban (o mangyayari) na hindi mananalig sa kanya (kay Hesus, ang anak ni Maria, bilang isang Sugo lamang ni Allah at isang tao) bago dumatal ang kanyang kamatayan (sa kanyang [Hesus] pangalawang pagbabalik sa mundo); at sa Araw ng Muling Pagkabuhay, siya (Hesus) ay magiging saksi laban sa kanila.

وَإِن مِّنْ أَهْلِ ٱلْكِتَٰبِ إِلَّا لَيُؤْمِنَنَّ بِهِۦ قَبْلَ مَوْتِهِۦ ۖ وَيَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ يَكُونُ عَلَيْهِمْ شَهِيدًا ﴿١٥٩﴾

160. At dahil sa katampalasanan ng mga Hudyo ay Aming ginawa na bawal sa kanila (hindi nararapat) ang ilang piling pagkain (na mabuti), na noon ay hindi bawal (pinapayagan) sa kanila, at sa kanilang paghadlang sa marami sa Landas ni Allah;

فَبِظُلْمٍ مِّنَ ٱلَّذِينَ هَادُوا۟ حَرَّمْنَا عَلَيْهِمْ طَيِّبَٰتٍ أُحِلَّتْ لَهُمْ وَبِصَدِّهِمْ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ كَثِيرًا ﴿١٦٠﴾

161. At sa kanilang pagtanggap ng *Riba* (interes, o patubo sa pera o pautang) bagama't sila ay pinagbawalan, at sa kanilang pagkamkam ng walang katarungan (at sa panunuhol) sa yaman ng mga tao. At Aming inihanda sa mga hindi sumasampalataya sa lipon nila ang kasakit-sakit na kaparusahan.

وَأَخْذِهِمُ ٱلرِّبَوٰا۟ وَقَدْ نُهُوا۟ عَنْهُ وَأَكْلِهِمْ أَمْوَٰلَ ٱلنَّاسِ بِٱلْبَٰطِلِ ۚ وَأَعْتَدْنَا لِلْكَٰفِرِينَ مِنْهُمْ عَذَابًا أَلِيمًا ﴿١٦١﴾

162. Datapuwa't ang mga iba sa kanilang lipon na may matatag na karunungan (kaalaman), at ang mga sumasampalataya ay nananalig sa ipinanaog sa iyo (O Muhammad) at sa ipinanaog (na kapahayagan – ang *Torah* [Mga Batas] at *Injil* [Ebanghelyo] noong una pa sa iyo, at ang mga nag-aalay ng *Salah* (takdang panalangin) nang mahinusay, at nagkakaloob ng

لَٰكِنِ ٱلرَّٰسِخُونَ فِى ٱلْعِلْمِ مِنْهُمْ وَٱلْمُؤْمِنُونَ يُؤْمِنُونَ بِمَآ أُنزِلَ إِلَيْكَ وَمَآ أُنزِلَ مِن قَبْلِكَ ۚ وَٱلْمُقِيمِينَ ٱلصَّلَوٰةَ ۚ وَٱلْمُؤْتُونَ ٱلزَّكَوٰةَ وَٱلْمُؤْمِنُونَ بِٱللَّهِ وَٱلْيَوْمِ ٱلْءَاخِرِ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ سَنُؤْتِيهِمْ أَجْرًا عَظِيمًا ﴿١٦٢﴾

Zakah (katungkulang kawanggawa) at sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw, (alalaong baga, sila ay mga tunay na Muslim), sila ang Aming bibigyan ng malaking gantimpala.[17]

163. Katotohanang ikaw (O Muhammad) ay binigyan Namin ng inspirasyon (kapahayagan), kung paano rin Namin binigyan ng inspirasyon si Nuh (Noah) at ang mga Propeta na sumunod sa kanya. Amin (ding) binigyan ng inspirasyon si Ibrahim (Abraham), Ismael, Ishaq (Isaac), Ya'qub (Hakob), at *Al-Asbat* (ang labingdalawang anak ni Hakob), si Issa (Hesus), Ayyub (Job), Yunus (Jonas), Haroon (Aaron), at Sulaiman (Solomon), at kay Dawood (David) ay Aming iginawad ang *Zabur* (Salmo).

۞ إِنَّآ أَوۡحَيۡنَآ إِلَيۡكَ كَمَآ أَوۡحَيۡنَآ إِلَىٰ نُوحٖ وَٱلنَّبِيِّـۧنَ مِنۢ بَعۡدِهِۦۚ وَأَوۡحَيۡنَآ إِلَىٰٓ إِبۡرَٰهِيمَ وَإِسۡمَٰعِيلَ وَإِسۡحَٰقَ وَيَعۡقُوبَ وَٱلۡأَسۡبَاطِ وَعِيسَىٰ وَأَيُّوبَ وَيُونُسَ وَهَٰرُونَ وَسُلَيۡمَٰنَۚ وَءَاتَيۡنَا دَاوُۥدَ زَبُورٗا ﴿١٦٣﴾

164. At sa mga Sugo na Aming binanggit (isinalaysay) sa iyo noong una, at sa mga Sugo na hindi Namin nabanggit (isinalaysay) sa iyo, at kay Moises, si Allah ay tuwirang nakipag-usap.

وَرُسُلٗا قَدۡ قَصَصۡنَٰهُمۡ عَلَيۡكَ مِن قَبۡلُ وَرُسُلٗا لَّمۡ نَقۡصُصۡهُمۡ عَلَيۡكَۚ وَكَلَّمَ ٱللَّهُ مُوسَىٰ تَكۡلِيمٗا ﴿١٦٤﴾

165. Mga Sugo na nagbigay ng magagandang pahayag gayundin ng babala upang ang sangkatauhan ay wala nang maipangatwiran laban kay Allah, matapos ang mga Sugo (ay isugo). At si Allah ay Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

رُّسُلٗا مُّبَشِّرِينَ وَمُنذِرِينَ لِئَلَّا يَكُونَ لِلنَّاسِ عَلَى ٱللَّهِ حُجَّةُۢ بَعۡدَ ٱلرُّسُلِۚ وَكَانَ ٱللَّهُ عَزِيزًا حَكِيمٗا ﴿١٦٥﴾

166. Datapuwa't (kung tumanggi na magpatotoo sa iyo ang mga Hudyo), si Allah ang nagpapatotoo sa bagay na Kanyang ipinadala (ang Qur'an) sa iyo (O Muhammad), at Kanyang ipinanaog ito sa Kanyang Kaalaman, at ang mga anghel ay nagpapatotoo (rin). At si Allah ay Sapat na bilang isang Saksi.

لَّٰكِنِ ٱللَّهُ يَشۡهَدُ بِمَآ أَنزَلَ إِلَيۡكَۖ أَنزَلَهُۥ بِعِلۡمِهِۦۖ وَٱلۡمَلَٰٓئِكَةُ يَشۡهَدُونَۚ وَكَفَىٰ بِٱللَّهِ شَهِيدًا ﴿١٦٦﴾

167. Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya (sa pamamagitan nang pagkukubli sa katotohanan tungkol kay Propeta Muhammad at ng Kanyang kapahayagan na nasusulat para sa kanila sa *Torah* [Mga Batas]

إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُواْ وَصَدُّواْ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ قَدۡ ضَلُّواْ ضَلَٰلَۢا بَعِيدًا ﴿١٦٧﴾

[17] Ang Pangakong ito ni Allah ay hindi lamang para sa mga Hudyo, kundi para rin sa mga Kristiyano at sa lahat ng mga tao na sumasampalataya at sumasamba nang matapat kay Allah.

at *Injil* [Ebanghelyo]) at humahadlang (sa sangkatauhan) tungo sa Landas ni Allah (Pagiging Tunay na Isa ni Allah), katiyakang sila ay napaligaw nang malayo.

إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَظَلَمُوا۟ لَمْ يَكُنِ ٱللَّهُ لِيَغْفِرَ لَهُمْ وَلَا لِيَهْدِيَهُمْ طَرِيقًا ﴿١٦٨﴾

168. Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya at nagsisigawa ng kabuhungan (sa pamamagitan nang pagkukubli sa katotohanan), si Allah ay hindi magpapatawad sa kanila, gayundin naman, sila ay hindi Niya papatnubayan sa anumang landas tungo sa kaligtasan,

إِلَّا طَرِيقَ جَهَنَّمَ خَٰلِدِينَ فِيهَآ أَبَدًا ۚ وَكَانَ ذَٰلِكَ عَلَى ٱللَّهِ يَسِيرًا ﴿١٦٩﴾

169. Maliban sa daan ng Impiyerno, upang (sila'y) manahan dito magpakailanman, at ito ay lubhang magaan kay Allah.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ قَدْ جَآءَكُمُ ٱلرَّسُولُ بِٱلْحَقِّ مِن رَّبِّكُمْ فَـَٔامِنُوا۟ خَيْرًا لَّكُمْ ۚ وَإِن تَكْفُرُوا۟ فَإِنَّ لِلَّهِ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ عَلِيمًا حَكِيمًا ﴿١٧٠﴾

170. O sangkatauhan! Tunay ngang dumatal sa inyo ang Sugo (Muhammad) na may katotohanan mula sa inyong Panginoon, kaya't manalig kayo sa kanya, ito ay higit na mainam sa inyo. Datapuwa't kung kayo ay hindi sumampalataya, kung gayon, kay Allah ang ganap na pag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at kalupaan. At si Allah ay Lalagi nang Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan.

يَٰٓأَهْلَ ٱلْكِتَٰبِ لَا تَغْلُوا۟ فِى دِينِكُمْ وَلَا تَقُولُوا۟ عَلَى ٱللَّهِ إِلَّا ٱلْحَقَّ ۚ إِنَّمَا ٱلْمَسِيحُ عِيسَى ٱبْنُ مَرْيَمَ رَسُولُ ٱللَّهِ وَكَلِمَتُهُۥٓ ۚ أَلْقَىٰهَآ إِلَىٰ مَرْيَمَ وَرُوحٌ مِّنْهُ ۖ فَـَٔامِنُوا۟ بِٱللَّهِ وَرُسُلِهِۦ ۖ وَلَا تَقُولُوا۟ ثَلَٰثَةٌ ۚ ٱنتَهُوا۟ خَيْرًا لَّكُمْ ۚ إِنَّمَا ٱللَّهُ إِلَٰهٌ وَٰحِدٌ ۖ سُبْحَٰنَهُۥٓ أَن يَكُونَ لَهُۥ وَلَدٌ ۘ لَّهُۥ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ ۗ وَكَفَىٰ بِٱللَّهِ وَكِيلًا ﴿١٧١﴾

171. O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)! Huwag kayong magmalabis sa hangganan ng pananampalataya, at huwag din kayong magsabi ng tungkol kay Allah maliban sa katotohanan. Ang Mesiyas na si Hesus, ang anak ni Mariam (Maria), ay (hindi hihigit pa) sa isang Sugo ni Allah at Kanyang Salita ("Mangyari nga!", at ito ay magaganap) na Kanyang iginawad kay Maria at isang *rooh* (espiritu) na Kanyang nilikha (alalaong baga, ang kaluluwa ni Hesus ay nilikha ni Allah, samakatuwid siya ay Kanyang alipin, at si Allah at ang espiritu ay hindi magkapantay o magkatulad); kaya't manampalataya kay Allah at sa Kanyang mga Sugo. Huwag kayong mangusap ng: "Trinidad (o ang Diyos ay Tatlong Persona)!" Magsitigil na kayo sa ganitong pananalita! (Ito ay) higit na mainam sa inyo. Sapagkat si Allah (ang tanging) Nag-iisang

Diyos, ang Kaluwalhatian ay sa Kanya, (higit Siyang mataas) kaysa (sa lahat) upang magkaroon ng anak. Sa Kanya ang pag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan. At si Allah ay Sapat na upang maging Tagapamahala ng lahat ng mga pangyayari.

لَّن يَسْتَنكِفَ ٱلْمَسِيحُ أَن يَكُونَ عَبْدًا لِّلَّهِ وَلَا ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ ٱلْمُقَرَّبُونَ ۚ وَمَن يَسْتَنكِفْ عَنْ عِبَادَتِهِۦ وَيَسْتَكْبِرْ فَسَيَحْشُرُهُمْ إِلَيْهِ جَمِيعًا ﴿١٧٢﴾

172. Ang Mesiyas ay hindi magwawalang-bahala na maging tagapaglingkod ni Allah, gayundin ang mga anghel na pinakamalapit sa Kanya. At sinumang magtakwil ng pagsamba sa Kanya at maging palalo, sila ay Kanyang titipuning lahat nang sama-sama sa Kanya (upang magsulit).

فَأَمَّا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ فَيُوَفِّيهِمْ أُجُورَهُمْ وَيَزِيدُهُم مِّن فَضْلِهِۦ ۖ وَأَمَّا ٱلَّذِينَ ٱسْتَنكَفُوا۟ وَٱسْتَكْبَرُوا۟ فَيُعَذِّبُهُمْ عَذَابًا أَلِيمًا وَلَا يَجِدُونَ لَهُم مِّن دُونِ ٱللَّهِ وَلِيًّا وَلَا نَصِيرًا ﴿١٧٣﴾

173. Datapuwa't ang mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at nagsisigawa ng kabutihan, sa kanila ay Kanyang ipagkakaloob ang kanilang (nakalaang) gantimpala, at higit pa Niyang pagkakalooban sila mula sa Kanyang kasaganaan. Datapuwa't sila na nagwawalang-bahala (yaong tumatanggi na sumamba sa Kanya) at mapagpalalo, sila ay Kanyang parurusahan ng kasakit-sakit na kaparusahan. At sila ay hindi makakatagpo para sa kanilang sarili maliban pa kay Allah ng anumang tagapangalaga o tagatangkilik.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ قَدْ جَآءَكُم بُرْهَٰنٌ مِّن رَّبِّكُمْ وَأَنزَلْنَآ إِلَيْكُمْ نُورًا مُّبِينًا ﴿١٧٤﴾

174. O sangkatauhan! Katotohanang dumatal sa inyo ang isang nakapanghihikayat na katibayan (si Propeta Muhammad) mula sa inyong Panginoon, at Aming ipinanaog sa inyo ang lantad na liwanag (ang Qur'an).

فَأَمَّا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ بِٱللَّهِ وَٱعْتَصَمُوا۟ بِهِۦ فَسَيُدْخِلُهُمْ فِى رَحْمَةٍ مِّنْهُ وَفَضْلٍ وَيَهْدِيهِمْ إِلَيْهِ صِرَٰطًا مُّسْتَقِيمًا ﴿١٧٥﴾

175. At sa mga sumasampalataya kay Allah at nananangan (sa pagtitiwala) sa Kanya, sila ay Kanyang tatanggapin sa Kanyang Habag at Biyaya (alalaong baga, ang Paraiso), at Kanyang papatnubayan sila sa Kanyang (Sarili) sa pamamagitan ng tuwid na landas.

يَسْتَفْتُونَكَ قُلِ ٱللَّهُ يُفْتِيكُمْ فِى ٱلْكَلَٰلَةِ ۚ إِنِ ٱمْرُؤٌا۟ هَلَكَ لَيْسَ لَهُۥ وَلَدٌ وَلَهُۥٓ أُخْتٌ فَلَهَا نِصْفُ مَا تَرَكَ ۚ وَهُوَ يَرِثُهَآ إِن لَّمْ يَكُن لَّهَا وَلَدٌ ۚ فَإِن كَانَتَا ٱثْنَتَيْنِ فَلَهُمَا ٱلثُّلُثَانِ مِمَّا

176. Sila ay nagtatanong sa iyo tungkol sa legal na pasya (sa *Al-Kalalah*). Ipagbadya: "Si Allah ay nagbibigay sa inyo ng kapasiyahan tungkol sa *Al-Kalalah* (isang tao na namatay na walang naiwang anak o ama bilang tagapagmana). Kung ang isang lalaki ay namatay na walang

anak (at walang ama) ngunit nakaiwan ng isang kapatid na babae (mula sa kanyang ama), siya (ang kapatid na babae bilang tagapagmana) ay magtatamo ng kalahati ng pamana. At kung ang namatay ay isang babae na walang anak (at walang ama), ang kanyang kapatid na lalaki (mula sa kanyang ama) ang magtatamo ng lahat ng pamana. Kung mayroong dalawang kapatid na babae (o higit pa); sila ay magtatamo ng dalawang-katlo (2/3) ng pamana; kung mayroong mga kapatid na lalaki at mga kapatid na babae (mula sa ama), ang isang lalaki ay magtatamo ng dalawang bahagi (doble) ng parte ng babae. (Sa ganito) ay ginawang maliwanag ni Allah sa inyo (ang Kanyang Batas), upang sa gayon, kayo ay hindi maligaw (magkamali)." At si Allah ang may Ganap na Kaalaman sa lahat ng bagay.

تَرَكَ ۚ وَإِن كَانُوٓا۟ إِخْوَةً رِّجَالًا وَنِسَآءً فَلِلذَّكَرِ مِثْلُ حَظِّ ٱلْأُنثَيَيْنِ ۗ يُبَيِّنُ ٱللَّهُ لَكُمْ أَن تَضِلُّوا۟ ۗ وَٱللَّهُ بِكُلِّ شَىْءٍ عَلِيمٌۢ ﴿١٧٦﴾

سُورَةُ المَائِدَة

Surah 5

Surat Al-Ma'idah
(Ang Dulang)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. O kayong nagsisisampalataya! Tuparin ninyo ang inyong mga kontrata[18] . Sa inyo ay pinahihintulutan (bilang pagkain) ang lahat ng mga hayop na bakahan maliban na lamang kung ano ang sa inyo ay ipapahayag (dito bilang ipinagbabawal), ang pangangaso (o pamamaril ng mga hayop) ay hindi pinahihintulutan kung kayo ay nagsasagawa ng *Hajj* (Pilgrimahe) o *Umrah* (Maigsing Pilgrimahe). Katotohanang si

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ أَوْفُوا۟ بِٱلْعُقُودِ ۚ أُحِلَّتْ لَكُم بَهِيمَةُ ٱلْأَنْعَٰمِ إِلَّا مَا يُتْلَىٰ عَلَيْكُمْ غَيْرَ مُحِلِّى ٱلصَّيْدِ وَأَنتُمْ حُرُمٌ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ يَحْكُمُ مَا يُرِيدُ ﴿١﴾

[18] Dito ay kasama ang mga garantiya, pangako, kasunduan, palabra de honor (binitiwang salita), atbp.

Allah ay nag-uutos ng Kanyang maibigan.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ لَا تُحِلُّواْ شَعَٰٓئِرَ ٱللَّهِ وَلَا
ٱلشَّهۡرَ ٱلۡحَرَامَ وَلَا ٱلۡهَدۡيَ وَلَا ٱلۡقَلَٰٓئِدَ وَلَآ
ءَآمِّينَ ٱلۡبَيۡتَ ٱلۡحَرَامَ يَبۡتَغُونَ فَضۡلٗا مِّن رَّبِّهِمۡ
وَرِضۡوَٰنٗاۚ وَإِذَا حَلَلۡتُمۡ فَٱصۡطَادُواْۚ وَلَا
يَجۡرِمَنَّكُمۡ شَنَـَٔانُ قَوۡمٍ أَن صَدُّوكُمۡ عَنِ
ٱلۡمَسۡجِدِ ٱلۡحَرَامِ أَن تَعۡتَدُواْۘ وَتَعَاوَنُواْ عَلَى
ٱلۡبِرِّ وَٱلتَّقۡوَىٰۖ وَلَا تَعَاوَنُواْ عَلَى ٱلۡإِثۡمِ
وَٱلۡعُدۡوَٰنِۚ وَٱتَّقُواْ ٱللَّهَۖ إِنَّ ٱللَّهَ شَدِيدُ ٱلۡعِقَابِ ٢

2. O kayong nagsisisampalataya! Huwag ninyong labagin ang kabanalan ng mga Ritwal ni Allah (alalaong baga, huwag gumawa ng mga ipinagbabawal ni Allah habang kayo ay nasa kalagayan ng *Ihram* [kasuutang pangpilgrimahe], katulad nang pagpatay o pakikipaglaban, atbp.), gayundin ang Banal na Buwan (ang Buwan ng *Dhul-Qaidah* [ika labing-isa], *Dhul-Hijjah* [ika labingdalawa], *Muharram* [unang buwan sa kalendaryong *Hijrah*] at *Rajab* [ika pitong buwan), gayundin ang mga hayop na dinala bilang alay (sakripisyo), gayundin ang mga itinalaga (inilaan) na mga hayop na minarkahan (sa pamamagitan) ng mga kulyar, o (labagin ang kaligtasan) niyaong pumaparoon sa Sagradong Tahanan na humahanap mula sa kanilang Panginoon ng kasaganaan at Kanyang pagtanggap. Datapuwa't kung inyo nang natapos ang *Ihram*, maaari na kayong mangaso, at huwag hayaang ang pagkamuhi ng ilang tao (noon) na pumigil sa inyo na makapasok sa *Masjid Al-Haram* (Bahay-Dalanginan sa Makkah) ay magbulid sa inyo na lumabag (at maging malupit sa inyong panig). Magtulungan kayo sa isa't isa sa *Al-Birr* at *At-Taqwa* (kagandahang-asal, katuwiran at kabanalan), datapuwa't huwag kayong magtulungan sa isa't isa sa kasalanan at pagsuway. At pangambahan si Allah, katotohanang si Allah ay Mahigpit sa Kaparusahan.

حُرِّمَتۡ عَلَيۡكُمُ ٱلۡمَيۡتَةُ وَٱلدَّمُ وَلَحۡمُ ٱلۡخِنزِيرِ
وَمَآ أُهِلَّ لِغَيۡرِ ٱللَّهِ بِهِۦ وَٱلۡمُنۡخَنِقَةُ وَٱلۡمَوۡقُوذَةُ
وَٱلۡمُتَرَدِّيَةُ وَٱلنَّطِيحَةُ وَمَآ أَكَلَ ٱلسَّبُعُ إِلَّا مَا
ذَكَّيۡتُمۡ وَمَا ذُبِحَ عَلَى ٱلنُّصُبِ وَأَن تَسۡتَقۡسِمُواْ
بِٱلۡأَزۡلَٰمِۚ ذَٰلِكُمۡ فِسۡقٌۗ ٱلۡيَوۡمَ يَئِسَ ٱلَّذِينَ
كَفَرُواْ مِن دِينِكُمۡ فَلَا تَخۡشَوۡهُمۡ وَٱخۡشَوۡنِۚ
ٱلۡيَوۡمَ أَكۡمَلۡتُ لَكُمۡ دِينَكُمۡ وَأَتۡمَمۡتُ عَلَيۡكُمۡ
نِعۡمَتِي وَرَضِيتُ لَكُمُ ٱلۡإِسۡلَٰمَ دِينٗاۚ فَمَنِ

3. Ang ipinagbabawal sa inyo (bilang pagkain) ay ang mga *Maitah* (ang patay na hayop na hindi kinatay), ang dugo, ang laman ng baboy, at ang karne (ng mga hayop) na kinatay bilang alay (sakripisyo) sa iba maliban pa kay Allah, o ang mga kinatay (na hayop) patungkol sa diyus-diyosan, atbp., o sa mga hayop na hindi binanggit ang Ngalan ni Allah habang kinakatay, at ang mga pinatay sa pagkabigti (o pagkasakal), o sa pamamagitan ng matinding hampas, o sa pagkahulog sa bangin (o mataas na lugar), o sa pagkasila sa pamamagitan ng

اَضْطُرَّ فِي مَخْمَصَةٍ غَيْرَ مُتَجَانِفٍ لِّإِثْمٍ
فَإِنَّ اللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٣﴾

sungay, – at ang mga nakain na (ang bahagi) ng mababagsik (maiilap) na hayop, maliban na lamang kung nakuha pa ninyo na katayin ito (bago mamatay), – at ang mga inialay (kinatay) sa *An-Nusub* (mga altar na bato). (Ipinagbabawal) din ang paggamit ng busog (o palaso) upang humanap ng suwerte o kapasiyahan, ang (lahat) ng ito ay *Fisqun* (pagsuway kay Allah at [isang] kasalanan). Sa araw na ito, ang lahat ng mga hindi sumampalataya ay nawalan na ng lahat ng pag-asa (na magtagumpay laban) sa inyong Relihiyon, kaya't sila ay huwag ninyong pangambahan, datapuwa't Ako ay inyong pangambahan. Sa araw na ito ay pinaging ganap Ko ang inyong Relihiyon para sa inyo, at nilubos Ko ang Aking paglingap sa inyo, at Aking itinakda sa inyo ang Islam bilang inyong Relihiyon. Datapuwa't siya na napilitan dahil sa matinding pagkagutom, na walang pagnanais na magkasala (sila ay pinahihintulutang kumain ng gayong mga laman o karne nang maliit lamang upang hindi mapinsala ang kanilang sarili), at katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

يَسْـَٔلُونَكَ مَاذَآ أُحِلَّ لَهُمْ ۖ قُلْ أُحِلَّ لَكُمُ
ٱلطَّيِّبَٰتُ ۙ وَمَا عَلَّمْتُم مِّنَ ٱلْجَوَارِحِ مُكَلِّبِينَ
تُعَلِّمُونَهُنَّ مِمَّا عَلَّمَكُمُ ٱللَّهُ ۖ فَكُلُوا۟ مِمَّآ أَمْسَكْنَ
عَلَيْكُمْ وَٱذْكُرُوا۟ ٱسْمَ ٱللَّهِ عَلَيْهِ ۖ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ ۚ إِنَّ
ٱللَّهَ سَرِيعُ ٱلْحِسَابِ ﴿٤﴾

4. Sila ay nagtatanong sa iyo (O Muhammad) kung ano ang pinahihintulutan sa kanila (bilang pagkain). Ipagbadya: "Sa inyo ay pinahihintulutan ang mga *Tayyibat* (ang lahat ng mga *Halal* [matuwid at tumpak]) na pagkain na ginawa ni Allah at pinahihintulutan (ang laman ng mga kinatay at maaaring kainin na hayop, mga produktong mula sa gatas, mga taba, gulay, prutas, atbp.). At mga hayop at mga ibon (falcon) na naninila na inyong tinuruan upang makapangaso; na sila ay sinasanay at tinuturuan (upang humuli) sa paraan na ipinag-utos sa inyo ni Allah, kaya't inyong kainin ang nahuli nila para sa inyo, datapuwa't inyong banggitin ang Ngalan ni Allah sa harapan nila (ng mga hayop), at inyong pangambahan si Allah. Katotohanang si Allah ay Maagap sa Pagsusulit.

5. Ginawang tumpak at matuwid sa inyo sa araw na ito ay ang mga *Tayyibat* (lahat ng *Halal* na pagkain). Ang pagkain (kinatay na bakahan) ng mga tao ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ay pinahihintulutan din sa inyo at ang sa inyo ay pinahihintulutan din sa kanila. (Ang pinahihintulutan sa inyo sa pag-aasawa) ay malilinis na babae mula sa mga nananampalataya at malilinis na babae ng mga ginawaran ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) nang una sa inyong panahon, kung inyo nang naibigay sa kanila ang katampatang *Mahr* (dote o handog na ibinibigay ng lalaki sa kanyang asawa sa sandali ng pagpapakasal), na (kayo ay) naghahangad ng kalinisan (alalaong baga, pagpiling sa kanila sa legal na kasal), at hindi pangangalunya, at hindi nagtuturing sa kanila bilang kalaguyo. At sinuman ang hindi sumampalataya sa Kaisahan ni Allah at sa pananampalatayang Islam, kung gayon, walang saysay ang kanyang ginagawa, at sa Kabilang Buhay, siya ay mapapabilang sa mga talunan.

اَلْيَوْمَ أُحِلَّ لَكُمُ الطَّيِّبَاتُ ۖ وَطَعَامُ الَّذِينَ أُوتُوا الْكِتَابَ حِلٌّ لَّكُمْ ۖ وَطَعَامُكُمْ حِلٌّ لَّهُمْ ۖ وَالْمُحْصَنَاتُ مِنَ الْمُؤْمِنَاتِ وَالْمُحْصَنَاتُ مِنَ الَّذِينَ أُوتُوا الْكِتَابَ مِن قَبْلِكُمْ إِذَا آتَيْتُمُوهُنَّ أُجُورَهُنَّ مُحْصِنِينَ غَيْرَ مُسَافِحِينَ وَلَا مُتَّخِذِي أَخْدَانٍ ۗ وَمَن يَكْفُرْ بِالْإِيمَانِ فَقَدْ حَبِطَ عَمَلُهُ وَهُوَ فِي الْآخِرَةِ مِنَ الْخَاسِرِينَ ﴿٥﴾

6. O kayong nagsisisampalataya! Kung kayo ay nagnanais na mag-alay ng *Salah* (takdang panalangin), hugasan ang inyong mukha at inyong mga kamay hanggang sa siko, pahirin ang inyong ulo (sa paghagod sa ibabaw nito ng basang kamay), at hugasan ang inyong mga paa hanggang sa bukung-bukong. Kung kayo ay nasa kalagayan ng *Janaba* (alalaong baga, may lumabas na semilya sa maselang bahagi ng katawan), dalisayin ninyo ang inyong sarili (sa paliligo ng buong katawan). Datapuwa't kung kayo ay maysakit o naglalakbay o kung sinuman sa inyo ang kagagaling lamang sa pananabi (pag-ihi o pagdumi), o kung kayo ay nakipagniig sa mga babae (alalaong baga, nakipagtalik sa inyong asawa), at kayo ay hindi makatagpo ng tubig, kung gayon, magsagawa kayo ng *Tayammum* (ang pagpapadalisay) sa pamamagitan ng malinis na lupa at ihaplos ito sa inyong mukha at mga kamay. Si Allah ay hindi naghahangad na ilagay (kayo) sa

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا إِذَا قُمْتُمْ إِلَى الصَّلَاةِ فَاغْسِلُوا وُجُوهَكُمْ وَأَيْدِيَكُمْ إِلَى الْمَرَافِقِ وَامْسَحُوا بِرُءُوسِكُمْ وَأَرْجُلَكُمْ إِلَى الْكَعْبَيْنِ ۚ وَإِن كُنتُمْ جُنُبًا فَاطَّهَّرُوا ۚ وَإِن كُنتُم مَّرْضَىٰ أَوْ عَلَىٰ سَفَرٍ أَوْ جَاءَ أَحَدٌ مِّنكُم مِّنَ الْغَائِطِ أَوْ لَامَسْتُمُ النِّسَاءَ فَلَمْ تَجِدُوا مَاءً فَتَيَمَّمُوا صَعِيدًا طَيِّبًا فَامْسَحُوا بِوُجُوهِكُمْ وَأَيْدِيكُم مِّنْهُ ۚ مَا يُرِيدُ اللَّهُ لِيَجْعَلَ عَلَيْكُم مِّنْ حَرَجٍ وَلَٰكِن يُرِيدُ لِيُطَهِّرَكُمْ وَلِيُتِمَّ نِعْمَتَهُ عَلَيْكُمْ لَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ ﴿٦﴾

kahirapan, datapuwa't nais Niya na kayo ay dalisayin, at upang mapaging-ganap Niya ang Kanyang paglingap sa inyo upang kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat.

وَٱذْكُرُوا۟ نِعْمَةَ ٱللَّهِ عَلَيْكُمْ وَمِيثَٰقَهُ ٱلَّذِى وَاثَقَكُم بِهِۦٓ إِذْ قُلْتُمْ سَمِعْنَا وَأَطَعْنَا ۖ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ عَلِيمٌۢ بِذَاتِ ٱلصُّدُورِ ﴿٧﴾

7. At alalahanin ang Biyaya ni Allah sa inyo at sa Kanyang Kasunduan (alalaong baga, ang pagsampalataya sa Kanya at paniniwala sa Kanyang Sugo) na rito kayo ay may katungkulan nang kayo ay magsabi: "Kami ay nakakarinig at kami ay tumatalima." At pangambahan si Allah. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ng mga lihim (ng inyong) dibdib.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ كُونُوا۟ قَوَّٰمِينَ لِلَّهِ شُهَدَآءَ بِٱلْقِسْطِ ۖ وَلَا يَجْرِمَنَّكُمْ شَنَـَٔانُ قَوْمٍ عَلَىٰٓ أَلَّا تَعْدِلُوا۟ ۚ ٱعْدِلُوا۟ هُوَ أَقْرَبُ لِلتَّقْوَىٰ ۖ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ خَبِيرٌۢ بِمَا تَعْمَلُونَ ﴿٨﴾

8. O kayong nagsisisampalataya! Manindigan kayo nang matatag kay Allah at maging makatarungang mga saksi at huwag hayaan na ang galit at pagkamuhi ng mga iba ay makagawa sa inyo na umiwas sa katarungan. Maging makatarungan (kayo): ito ay higit na malapit sa kabanalan, at pangambahan si Allah. Katotohanang si Allah ay Ganap na Nakababatid ng anumang inyong ginagawa.

وَعَدَ ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ لَهُم مَّغْفِرَةٌ وَأَجْرٌ عَظِيمٌ ﴿٩﴾

9. Si Allah ay nangako sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at gumagawa ng kabutihan, na para sa kanila ay mayroong pagpapatawad at isang malaking gantimpala (alalaong baga, ang Paraiso).

وَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَكَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَآ أُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلْجَحِيمِ ﴿١٠﴾

10. Sila na hindi sumasampalataya at nagtatakwil sa Aming *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) ay magsisitahan sa Apoy ng Impiyerno.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱذْكُرُوا۟ نِعْمَتَ ٱللَّهِ عَلَيْكُمْ إِذْ هَمَّ قَوْمٌ أَن يَبْسُطُوٓا۟ إِلَيْكُمْ أَيْدِيَهُمْ فَكَفَّ أَيْدِيَهُمْ عَنكُمْ ۖ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ ۚ وَعَلَى ٱللَّهِ فَلْيَتَوَكَّلِ ٱلْمُؤْمِنُونَ ﴿١١﴾

11. O kayong nagsisisampalataya! Alalahanin ang kagandahang-loob (biyaya) ni Allah sa inyo nang ang ilang tao ay magnais (gumawa ng balak) na iunat ang kanilang mga kamay laban sa inyo, datapuwa't (si Allah) ang pumigil sa kanilang mga kamay tungo sa inyo. Kaya't pangambahan si Allah. At hayaan ang mga sumasampalataya ay maglagay ng kanilang pagtitiwala kay Allah.

۞ وَلَقَدْ أَخَذَ ٱللَّهُ مِيثَٰقَ بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ وَبَعَثْنَا مِنْهُمُ ٱثْنَىْ عَشَرَ نَقِيبًا ۖ وَقَالَ ٱللَّهُ

12. Katotohanang si Allah ay kumuha ng Kasunduan mula sa Angkan ng Israel (mga

Hudyo), at Kami ay nagtalaga ng labingdalawang pinuno sa kanilang lipon. At si Allah ay nagwika: "Ako ay nasa sa inyo. Kung kayo ay nag-aalay ng dasal nang mahinusay (*Iqamat-as-Salat*) at nagbibigay ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa) at nananalig sa Aking mga Sugo, na nagbibigay-dangal at tumutulong sa kanila, at nagpapautang kay Allah ng mabuting pautang, katotohanang Ako ay magpapatawad ng inyong mga kasalanan at kayo ay Aking tatanggapin sa Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso). Datapuwa't sinuman sa inyo ang tumanggi sa pananampalataya makaraan nito, katiyakang siya ay naligaw nang malayo sa Tuwid na Landas."

إِنِّي مَعَكُمْ لَئِنْ أَقَمْتُمُ الصَّلَوٰةَ وَءَاتَيْتُمُ الزَّكَوٰةَ وَءَامَنتُم بِرُسُلِي وَعَزَّرْتُمُوهُمْ وَأَقْرَضْتُمُ اللَّهَ قَرْضًا حَسَنًا لَّأُكَفِّرَنَّ عَنكُمْ سَيِّـَٔاتِكُمْ وَلَأُدْخِلَنَّكُمْ جَنَّٰتٍ تَجْرِي مِن تَحْتِهَا الْأَنْهَٰرُ ۚ فَمَن كَفَرَ بَعْدَ ذَٰلِكَ مِنكُمْ فَقَدْ ضَلَّ سَوَآءَ السَّبِيلِ ﴿١٢﴾

13. Kaya't dahilan sa kanilang hindi pagtupad ng kanilang Kasunduan, sila ay Aming isinumpa, at hinayaan Namin ang kanilang puso ay tumigas (na hindi naniniwala). Sila ay nagbabago ng mga salita (ni Allah na Kanyang ipinahayag kay Musa [Moises]) sa (tama) nitong kahulugan at lubha nilang iniwan ang magandang bahagi ng Kapahayagan na ipinadala sa kanila. At kayo ay hindi matitigil na makatuklas ng pandaraya sa kanila, maliban lamang sa ilan sa kanila. Datapuwa't sila ay inyong patawarin at kalimutan (ang kanilang masasamang gawa). Katotohanang si Allah ay nagmamahal sa *Al-Muhsinun* (mga gumagawa ng kabutihan, ang mga nagbibigay ng kagandahang-loob sa mga karapat-dapat).

فَبِمَا نَقْضِهِم مِّيثَٰقَهُمْ لَعَنَّٰهُمْ وَجَعَلْنَا قُلُوبَهُمْ قَٰسِيَةً ۖ يُحَرِّفُونَ الْكَلِمَ عَن مَّوَاضِعِهِۦ وَنَسُوا۟ حَظًّا مِّمَّا ذُكِّرُوا۟ بِهِۦ ۚ وَلَا تَزَالُ تَطَّلِعُ عَلَىٰ خَآئِنَةٍ مِّنْهُمْ إِلَّا قَلِيلًا مِّنْهُمْ ۖ فَٱعْفُ عَنْهُمْ وَٱصْفَحْ ۚ إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ الْمُحْسِنِينَ ﴿١٣﴾

14. At sa mga tumatawag sa kanilang sarili na mga Kristiyano (alalaong baga, sila na nag-aangkin na mga tagasunod ni Hesu-Kristo), Kami ay kumuha ng kanilang Kasunduan, datapuwa't iniwan nila ang magandang bahagi ng Kapahayagan na ipinadala sa kanila. Kaya't nagtanim Kami sa lipon nila ng galit at pagkamuhi hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay (nang kanilang ipagwalangbahala ang Aklat ni Allah, sumuway sa mga Sugo ni Allah at Kanyang kautusan at lumabag sa lahat

وَمِنَ الَّذِينَ قَالُوٓا۟ إِنَّا نَصَٰرَىٰٓ أَخَذْنَا مِيثَٰقَهُمْ فَنَسُوا۟ حَظًّا مِّمَّا ذُكِّرُوا۟ بِهِۦ فَأَغْرَيْنَا بَيْنَهُمُ الْعَدَٰوَةَ وَالْبَغْضَآءَ إِلَىٰ يَوْمِ الْقِيَٰمَةِ ۚ وَسَوْفَ يُنَبِّئُهُمُ اللَّهُ بِمَا كَانُوا۟ يَصْنَعُونَ ﴿١٤﴾

ng hangganan ng pagsuway), at si Allah ang magpapahayag sa kanila kung ano ang nakahiratihan na nilang ginagawa.

يَٰٓأَهۡلَ ٱلۡكِتَٰبِ قَدۡ جَآءَكُمۡ رَسُولُنَا يُبَيِّنُ لَكُمۡ كَثِيرٗا مِّمَّا كُنتُمۡ تُخۡفُونَ مِنَ ٱلۡكِتَٰبِ وَيَعۡفُواْ عَن كَثِيرٖۚ قَدۡ جَآءَكُم مِّنَ ٱللَّهِ نُورٞ وَكِتَٰبٞ مُّبِينٞ ١٥

15. O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)! Ngayon ay dumatal sa inyo ang Aming Sugo (Muhammad) na nagpapaliwanag na mabuti sa inyo ng mga bagay na inyong itinatago mula sa Kasulatan at (ito) ay inyong lubhang dinadaan-daanan lamang (alalaong baga, hinahayaan lamang na walang pagpapaliwanag). Katotohanang dumatal sa inyo mula kay Allah ang isang liwanag (Propeta Muhammad) at isang maliwanag na Aklat (ang Qur'an).

يَهۡدِي بِهِ ٱللَّهُ مَنِ ٱتَّبَعَ رِضۡوَٰنَهُۥ سُبُلَ ٱلسَّلَٰمِ وَيُخۡرِجُهُم مِّنَ ٱلظُّلُمَٰتِ إِلَى ٱلنُّورِ بِإِذۡنِهِۦ وَيَهۡدِيهِمۡ إِلَىٰ صِرَٰطٖ مُّسۡتَقِيمٖ ١٦

16. (Sa pamamagitan ng Aklat na ito) si Allah ay namamatnubay sa mga naghahanap ng Kanyang mabuting kaluguran sa mga paraan ng kapayapaan, at sila ay Kanyang iniahon mula sa kadiliman tungo sa liwanag (ayon) sa Kanyang kapahintulutan at Kanyang pinatnubayan sila sa Matuwid na Landas.

لَّقَدۡ كَفَرَ ٱلَّذِينَ قَالُوٓاْ إِنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلۡمَسِيحُ ٱبۡنُ مَرۡيَمَۚ قُلۡ فَمَن يَمۡلِكُ مِنَ ٱللَّهِ شَيۡـًٔا إِنۡ أَرَادَ أَن يُهۡلِكَ ٱلۡمَسِيحَ ٱبۡنَ مَرۡيَمَ وَأُمَّهُۥ وَمَن فِي ٱلۡأَرۡضِ جَمِيعٗاۗ وَلِلَّهِ مُلۡكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضِ وَمَا بَيۡنَهُمَاۚ يَخۡلُقُ مَا يَشَآءُۚ وَٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَيۡءٖ قَدِيرٞ ١٧

17. Katotohanan, naging *Kafir* (walang pananampalataya) ang mga nagsasabi na si Allah ay ang Mesiyas, ang anak ni Maria. Ipagbadya (O Muhammad): "Sino kaya baga ang may pinakamaliit na kapangyarihan laban kay Allah, kung Kanyang naisin na wasakin ang Mesiyas, ang anak ni Maria, at ang kanyang ina, at lahat ng nasa kalupaan nang magkakasama? At kay Allah ang pag-aangkin ng kapamahalaan sa kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito. Lumilikha Siya ng Kanyang naisin. At si Allah ay may Kapangyarihan na gawin ang lahat ng bagay.

وَقَالَتِ ٱلۡيَهُودُ وَٱلنَّصَٰرَىٰ نَحۡنُ أَبۡنَٰٓؤُاْ ٱللَّهِ وَأَحِبَّٰٓؤُهُۥۚ قُلۡ فَلِمَ يُعَذِّبُكُم بِذُنُوبِكُمۖ بَلۡ أَنتُم بَشَرٞ مِّمَّنۡ خَلَقَۚ يَغۡفِرُ لِمَن يَشَآءُ وَيُعَذِّبُ مَن يَشَآءُۚ وَلِلَّهِ مُلۡكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضِ وَمَا بَيۡنَهُمَاۖ وَإِلَيۡهِ ٱلۡمَصِيرُ ١٨

18. At ang mga Hudyo at mga Kristiyano ay (kapwa) nagsasabi: "Kami ang mga anak ni Allah at Kanyang minamahal." Ipagbadya: "Kung gayon, bakit kayo ay Kanyang pinarurusahan sa inyong mga kasalanan?" Datapuwa't kayo ay mga tao lamang na kabilang sa Kanyang mga nilikha, pinatatawad Niya ang Kanyang maibigan at pinarurusahan Niya ang Kanyang maibigan. At si Allah ang

nag-aangkin ng kapamahalaan sa kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito, at sa Kanya ang pagbabalik (ng lahat).

يَٰٓأَهۡلَ ٱلۡكِتَٰبِ قَدۡ جَآءَكُمۡ رَسُولُنَا يُبَيِّنُ لَكُمۡ عَلَىٰ فَتۡرَةٖ مِّنَ ٱلرُّسُلِ أَن تَقُولُواْ مَا جَآءَنَا مِنۢ بَشِيرٖ وَلَا نَذِيرٖۖ فَقَدۡ جَآءَكُم بَشِيرٞ وَنَذِيرٞۗ وَٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَيۡءٖ قَدِيرٞ ١٩

19. O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)! Ngayon ay dumatal sa inyo ang Aming Sugo (Muhammad) na gumagawa na maging maliwanag sa inyo ang katotohanan (tuwid na landas), matapos na mauntol (ang sunud-sunod) na mga Sugo, kung hindi, maaari ninyong sabihin: "Walang dumatal sa amin na (isang Sugo na) nagdala ng mabuting balita at tagapagbabala." Datapuwa't ngayon ay (wala na kayong maipangangatwiran laban kay Allah, matapos na) dumatal sa inyo ang isang (Sugo na) nagdala ng mabuting balita at tagapagbabala. At si Allah ay may Kapangyarihan na gawin ang lahat ng bagay.

وَإِذۡ قَالَ مُوسَىٰ لِقَوۡمِهِۦ يَٰقَوۡمِ ٱذۡكُرُواْ نِعۡمَةَ ٱللَّهِ عَلَيۡكُمۡ إِذۡ جَعَلَ فِيكُمۡ أَنۢبِيَآءَ وَجَعَلَكُم مُّلُوكٗا وَءَاتَىٰكُم مَّا لَمۡ يُؤۡتِ أَحَدٗا مِّنَ ٱلۡعَٰلَمِينَ ٢٠

20. At (gunitain) nang sabihin ni Moises sa kanyang pamayanan: "O aking pamayanan! Alalahanin ninyo ang biyaya (kagandahang-loob) ni Allah sa inyo nang Siya ay humirang ng mga propeta sa lipon ninyo, at kayo ay Kanyang ginawang mga hari (makaraan na kayo ay maging alipin ni Paraon), at ipinagkaloob Niya sa inyo ang mga bagay na hindi Niya ipinagkaloob sa iba pa sa bunton ng lahat ng mga nilalang (ng inyong kapanahunan).

يَٰقَوۡمِ ٱدۡخُلُواْ ٱلۡأَرۡضَ ٱلۡمُقَدَّسَةَ ٱلَّتِي كَتَبَ ٱللَّهُ لَكُمۡ وَلَا تَرۡتَدُّواْ عَلَىٰٓ أَدۡبَارِكُمۡ فَتَنقَلِبُواْ خَٰسِرِينَ ٢١

21. "O aking pamayanan! Pumasok kayo sa banal na lupa (Palestina) na siyang itinalaga sa inyo ni Allah, at huwag kayong tumalikod (upang tumakas sa pakikipaglaban), sapagkat kung magkakagayon, kayo ay magsisibalik na mga talunan.

قَالُواْ يَٰمُوسَىٰٓ إِنَّ فِيهَا قَوۡمٗا جَبَّارِينَ وَإِنَّا لَن نَّدۡخُلَهَا حَتَّىٰ يَخۡرُجُواْ مِنۡهَا فَإِن يَخۡرُجُواْ مِنۡهَا فَإِنَّا دَٰخِلُونَ ٢٢

22. Sila ay nagsabi: "O Moises, Naririto (sa lupaing ito) ang mga taong malalakas, at kami ay hindi kailanman papasok dito hanggang sa iwan nila ito; at kung sila ay umalis, kung gayon, kami ay papasok."

قَالَ رَجُلَانِ مِنَ ٱلَّذِينَ يَخَافُونَ أَنۡعَمَ ٱللَّهُ عَلَيۡهِمَا ٱدۡخُلُواْ عَلَيۡهِمُ ٱلۡبَابَ فَإِذَا دَخَلۡتُمُوهُ فَإِنَّكُمۡ غَٰلِبُونَۚ وَعَلَى ٱللَّهِ

23. Ang dalawa sa mga tao na nangamba (kay Allah) na pinagkalooban ni Allah ng Kanyang Biyaya (sila ay sina Yusha at Ka'lab) ay nagsabi: "Sila ay inyong salakayin sa Tarangkahan,

sapagkat kung kayo ay makapasok na, ang tagumpay ay sasainyo, at inyong ibigay ang pagtitiwala kay Allah kung kayo ay tunay na nananampalataya.

فَتَوَكَّلُوٓاْ إِن كُنتُم مُّؤۡمِنِينَ ﴿٢٣﴾

24. Sila ay nagsabi: "O Moises! Hindi kami kailanman papasok dito habang sila ay nandirito. Kaya't ikaw ay pumaroon (na kasama) ang iyong Panginoon at makipaglaban kayong dalawa, kami ay mauupo (lamang) dito."

قَالُواْ يَٰمُوسَىٰٓ إِنَّا لَن نَّدۡخُلَهَآ أَبَدٗا مَّا دَامُواْ فِيهَا فَٱذۡهَبۡ أَنتَ وَرَبُّكَ فَقَٰتِلَآ إِنَّا هَٰهُنَا قَٰعِدُونَ ﴿٢٤﴾

25. Siya (Moises) ay nagsabi: "O aking Panginoon! Hindi ko kontrolado (o angkin) ang (kanilang sarili) maliban sa aking sarili at aking kapatid (na lalaki), kaya't kami ay ihiwalay Ninyo sa mga tao na *Fasiqun* (mga mapaghimagsik at sumusuway kay Allah)!"

قَالَ رَبِّ إِنِّي لَآ أَمۡلِكُ إِلَّا نَفۡسِي وَأَخِيۖ فَٱفۡرُقۡ بَيۡنَنَا وَبَيۡنَ ٱلۡقَوۡمِ ٱلۡفَٰسِقِينَ ﴿٢٥﴾

26. (Si Allah) ay nagwika: "Kung gayon, ito (ang banal na lupa) ay ipinagbawal sa kanila sa loob ng apatnapung taon; sa pagkataranta sila ay magsisigala sa buong kalupaan. Kaya't huwag kayong malumbay sa mga tao na *Fasiqun* (mga mapaghimagsik at sumusuway kay Allah)."

قَالَ فَإِنَّهَا مُحَرَّمَةٌ عَلَيۡهِمۡ أَرۡبَعِينَ سَنَةٗۚ يَتِيهُونَ فِي ٱلۡأَرۡضِۗ فَلَا تَأۡسَ عَلَى ٱلۡقَوۡمِ ٱلۡفَٰسِقِينَ ﴿٢٦﴾

27. At iyong dalitin (O Muhammad) sa kanila (mga Hudyo) sa katotohanan ang kasaysayan ng dalawang anak na lalaki ni Adam (Adan), na sina (Habil at Qabil [Abel at Cain]), nang ang bawat isa sa kanila ay maghandog ng alay (sakripisyo) kay Allah. Ito ay tinanggap (ni Allah) mula sa isa (sa kanila), ngunit hindi tinanggap sa isa pa. Ang huli (Cain) ay nagsabi sa una (Abel): "Katiyakang ikaw ay aking papatayin." Ang una (Abel) ay nagsabi: "Katotohanang si Allah ay tumatanggap lamang mula sa *Al-Muttaqun* (mga matimtiman, matuwid, at mabuting tao)."

۞ وَٱتۡلُ عَلَيۡهِمۡ نَبَأَ ٱبۡنَيۡ ءَادَمَ بِٱلۡحَقِّ إِذۡ قَرَّبَا قُرۡبَانٗا فَتُقُبِّلَ مِنۡ أَحَدِهِمَا وَلَمۡ يُتَقَبَّلۡ مِنَ ٱلۡأٓخَرِۖ قَالَ لَأَقۡتُلَنَّكَۖ قَالَ إِنَّمَا يَتَقَبَّلُ ٱللَّهُ مِنَ ٱلۡمُتَّقِينَ ﴿٢٧﴾

28. Kung iyong iunat ang kamay mo laban sa akin upang ako ay patayin, hindi ko kailanman iuunat ang aking kamay laban sa iyo upang ikaw ay patayin, sapagkat ako ay nangangamba kay Allah; ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang.

لَئِنۢ بَسَطتَ إِلَيَّ يَدَكَ لِتَقۡتُلَنِي مَآ أَنَا۠ بِبَاسِطٖ يَدِيَ إِلَيۡكَ لِأَقۡتُلَكَۖ إِنِّيٓ أَخَافُ ٱللَّهَ رَبَّ ٱلۡعَٰلَمِينَ ﴿٢٨﴾

29. Katotohanan, higit kong mamatamisin na ikaw ang magpasan (umako) sa bigat ng aking

إِنِّيٓ أُرِيدُ أَن تَبُوٓأَ بِإِثۡمِي وَإِثۡمِكَ فَتَكُونَ مِنۡ

kasalanan at iyong kasalanan; kung magkakagayon, ikaw ay isa sa mga mananahan sa Apoy, at ito ang kabayaran (kaparusahan) sa *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, buhong, buktot).

أَصْحَٰبِ ٱلنَّارِ ۚ وَذَٰلِكَ جَزَٰٓؤُا۟ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٢٩﴾

30. Kaya't ang kanyang kaluluwa ang nagsulsol (nag-udyok) sa kanya na patayin ang kanyang kapatid at kanyang (Cain) napatay siya (Abel), at siya (Cain) ay naging isa sa mga talunan.

فَطَوَّعَتْ لَهُۥ نَفْسُهُۥ قَتْلَ أَخِيهِ فَقَتَلَهُۥ فَأَصْبَحَ مِنَ ٱلْخَٰسِرِينَ ﴿٣٠﴾

31. Pagkaraan, si Allah ay nagpadala ng uwak na kumakahig sa lupa upang ipakita sa kanya na itago (ilibing) niya ang patay na katawan ng kanyang kapatid. Siya (na salarin) ay nagsabi: "Kasawian sa akin! Hindi man lamang ako nagkaroon ng kakayahan na tulad ng uwak na ito upang aking itago ang patay na katawan ng aking kapatid?" At siya ay naging isa sa mga nagsisisi.

فَبَعَثَ ٱللَّهُ غُرَابًا يَبْحَثُ فِى ٱلْأَرْضِ لِيُرِيَهُۥ كَيْفَ يُوَٰرِى سَوْءَةَ أَخِيهِ ۚ قَالَ يَٰوَيْلَتَىٰٓ أَعَجَزْتُ أَنْ أَكُونَ مِثْلَ هَٰذَا ٱلْغُرَابِ فَأُوَٰرِىَ سَوْءَةَ أَخِى ۖ فَأَصْبَحَ مِنَ ٱلنَّٰدِمِينَ ﴿٣١﴾

32. At dahilan dito, Aming ipinag-utos sa Angkan ng Israel na ang sinumang pumatay ng isang tao, maliban na lamang kung ito ay isang pagganti (bilang legal na kabayaran o pagpaparusa sa pagpatay), o sa pagkakalat ng kabuktutan sa kalupaan, – ito ay itituring na katulad ng isa na pumatay ng buong sangkatauhan, at kung sinuman ang magligtas ng isang buhay, ito ay itituring na katulad ng isa na nagligtas sa buhay ng buong sangkatauhan. At katotohanang dumatal sa kanila ang Aming mga Sugo na may maliliwanag na katibayan at mga tanda, gayunpaman, makaraan ito, marami sa kanila ang nagpatuloy na lumagpas sa hangganan (halimbawa ay pang-aapi ng walang katarungan na lagpas sa lahat ng hangganan na itinakda ni Allah sa pamamagitan nang paggawa ng malalaking kasalanan) dito sa kalupaan!

مِنْ أَجْلِ ذَٰلِكَ ۛ كَتَبْنَا عَلَىٰ بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ أَنَّهُۥ مَن قَتَلَ نَفْسًۢا بِغَيْرِ نَفْسٍ أَوْ فَسَادٍ فِى ٱلْأَرْضِ فَكَأَنَّمَا قَتَلَ ٱلنَّاسَ جَمِيعًا ۚ وَمَنْ أَحْيَاهَا فَكَأَنَّمَآ أَحْيَا ٱلنَّاسَ جَمِيعًا ۚ وَلَقَدْ جَآءَتْهُمْ رُسُلُنَا بِٱلْبَيِّنَٰتِ ثُمَّ إِنَّ كَثِيرًا مِّنْهُم بَعْدَ ذَٰلِكَ فِى ٱلْأَرْضِ لَمُسْرِفُونَ ﴿٣٢﴾

33. Katotohanan, ang kabayaran (kaparusahan) ng mga naghahamon ng digmaan laban kay Allah at sa Kanyang Sugo at gumagawa ng kalokohan (kabuktutan) sa buong kalupaan, ay yaong sila ay marapat na patayin, o ibayubay sa krus, o ang kanilang mga kamay at paa ay

إِنَّمَا جَزَٰٓؤُا۟ ٱلَّذِينَ يُحَارِبُونَ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ وَيَسْعَوْنَ فِى ٱلْأَرْضِ فَسَادًا أَن يُقَتَّلُوٓا۟ أَوْ يُصَلَّبُوٓا۟ أَوْ تُقَطَّعَ أَيْدِيهِمْ

putulin sa magkasalungat na panig, o sila ay marapat na palisin (ipatapon) sa kalupaan. Ito ang pagkaaba para sa kanila sa mundong ito, at sa Kabilang Buhay ay naghihintay para sa kanila ang kasakit-sakit na kaparusahan,

وَأَرْجُلُهُم مِّنْ خِلَٰفٍ أَوْ يُنفَوْا۟ مِنَ ٱلْأَرْضِ ۚ ذَٰلِكَ لَهُمْ خِزْىٌ فِى ٱلدُّنْيَا ۖ وَلَهُمْ فِى ٱلْءَاخِرَةِ عَذَابٌ عَظِيمٌ ﴿٣٣﴾

34. Maliban sa kanila na nagsisi bago ka magkaroon ng kapangyarihan sa kanila, kaya't inyong maalaman na si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

إِلَّا ٱلَّذِينَ تَابُوا۟ مِن قَبْلِ أَن تَقْدِرُوا۟ عَلَيْهِمْ ۖ فَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٣٤﴾

35. O kayong nagsisisampalataya! Inyong ganapin ang inyong tungkulin kay Allah at (inyong) pangambahan Siya. Hanapin ninyo ang paraan upang mapalapit sa Kanya at magsikap kayo nang mataman tungo sa Kanyang Kapakanan (hanggang sa inyong makakaya) upang kayo ay maging matagumpay.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَٱبْتَغُوٓا۟ إِلَيْهِ ٱلْوَسِيلَةَ وَجَٰهِدُوا۟ فِى سَبِيلِهِۦ لَعَلَّكُمْ تُفْلِحُونَ ﴿٣٥﴾

36. Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya, kung sila ay mayroon ng lahat ng naririto sa kalupaan at (isa pang) katulad nito at pagsamahin, upang ibigay na pantubos sa kanila sa kaparusahan ng Araw ng Muling Pagkabuhay, ito ay hindi kailanman tatanggapin sa kanila, at sasakanila ang kasakit-sakit na kaparusahan.

إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لَوْ أَنَّ لَهُم مَّا فِى ٱلْأَرْضِ جَمِيعًا وَمِثْلَهُۥ مَعَهُۥ لِيَفْتَدُوا۟ بِهِۦ مِنْ عَذَابِ يَوْمِ ٱلْقِيَٰمَةِ مَا تُقُبِّلَ مِنْهُمْ ۖ وَلَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٣٦﴾

37. Sila ay magnanais na makaalpas sa Apoy, datapuwa't kailanman ay hindi sila makakaalis dito, at sasakanila ang kaparusahan na hindi magmamaliw.

يُرِيدُونَ أَن يَخْرُجُوا۟ مِنَ ٱلنَّارِ وَمَا هُم بِخَٰرِجِينَ مِنْهَا ۖ وَلَهُمْ عَذَابٌ مُّقِيمٌ ﴿٣٧﴾

38. Ang magnanakaw na lalaki at ang magnanakaw na babae, (inyong) putulin ang kanilang kamay (kanang kamay hanggang sa galang-galangan) bilang kabayaran sa kanilang ginawa, at bilang isang huwarang kaparusahan mula kay Allah (na makapipigil sa kanila sa paggawa ng gayon). At si Allah ay Lagi nang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Pinakamaawain.

وَٱلسَّارِقُ وَٱلسَّارِقَةُ فَٱقْطَعُوٓا۟ أَيْدِيَهُمَا جَزَآءًۢ بِمَا كَسَبَا نَكَٰلًا مِّنَ ٱللَّهِ ۗ وَٱللَّهُ عَزِيزٌ حَكِيمٌ ﴿٣٨﴾

39. Datapuwa't sinuman ang magtika (magbalik-loob sa pagsisisi) matapos ang kanyang krimen (pagkakasala) at gumawa ng kabutihan (sa pagsunod kay Allah), kung gayon, katotohanang si Allah ay magpapatawad sa

فَمَن تَابَ مِنۢ بَعْدِ ظُلْمِهِۦ وَأَصْلَحَ فَإِنَّ ٱللَّهَ يَتُوبُ عَلَيْهِ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٣٩﴾

kanya (tatanggap sa kanyang pagsisisi). Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

أَلَمْ تَعْلَمْ أَنَّ ٱللَّهَ لَهُۥ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ يُعَذِّبُ مَن يَشَآءُ وَيَغْفِرُ لِمَن يَشَآءُ ۗ وَٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿٤٠﴾

40. Hindi baga ninyo nababatid na kay Allah (lamang) ang pag-aangkin ng kapamahalaan sa kalangitan at kalupaan! Siya ang nagpaparusa sa sinumang Kanyang maibigan, at Siya ang nagpapatawad sa sinumang Kanyang mapusuan. At si Allah ay may Kapangyarihan na gawin ang lahat ng bagay.

۞ يَٰٓأَيُّهَا ٱلرَّسُولُ لَا يَحْزُنكَ ٱلَّذِينَ يُسَٰرِعُونَ فِى ٱلْكُفْرِ مِنَ ٱلَّذِينَ قَالُوٓا۟ ءَامَنَّا بِأَفْوَٰهِهِمْ وَلَمْ تُؤْمِن قُلُوبُهُمْ ۛ وَمِنَ ٱلَّذِينَ هَادُوا۟ ۛ سَمَّٰعُونَ لِلْكَذِبِ سَمَّٰعُونَ لِقَوْمٍ ءَاخَرِينَ لَمْ يَأْتُوكَ ۖ يُحَرِّفُونَ ٱلْكَلِمَ مِنۢ بَعْدِ مَوَاضِعِهِۦ ۖ يَقُولُونَ إِنْ أُوتِيتُمْ هَٰذَا فَخُذُوهُ وَإِن لَّمْ تُؤْتَوْهُ فَٱحْذَرُوا۟ ۚ وَمَن يُرِدِ ٱللَّهُ فِتْنَتَهُۥ فَلَن تَمْلِكَ لَهُۥ مِنَ ٱللَّهِ شَيْـًٔا ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ لَمْ يُرِدِ ٱللَّهُ أَن يُطَهِّرَ قُلُوبَهُمْ ۚ لَهُمْ فِى ٱلدُّنْيَا خِزْىٌ ۖ وَلَهُمْ فِى ٱلْءَاخِرَةِ عَذَابٌ عَظِيمٌ ﴿٤١﴾

41. O Sugo (Muhammad)! Huwag hayaang magbigay ng pighati sa iyo ang mga nagmamadali sa kawalan ng pananampalataya, (kabilang) ang mga (mapagkunwari na) nagsasabi: "Kami ay sumasampalataya", sa kanilang bibig, datapuwa't ang kanilang puso ay walang pananalig. At sa mga Hudyo na lubhang nakikinig nang masigasig sa kasinungalingan, (at) nakikinig sa mga ibang tao na hindi pa lumapit sa iyo. Kanilang binabago (pinapalitan) ang salita sa tamang lugar (kahulugan); sila ay nagsasabi: "Kung kayo ay binigyan nito (alalaong baga, kung ito ay naaayon sa ating pinalitan sa *Torah* [mga Batas]), inyo itong kunin, subalit kung kayo ay hindi binigyan nito (alalaong baga, kung ito ay hindi naaayon sa ating binago sa *Torah*), kung gayon, kayo ay tumanggi rito!" At sinuman ang naisin ni Allah na ilagay sa *Al-Fitnah* (kamalian, dahilan sa kanyang pagtatakwil sa Pananampalataya), ikaw ay walang magagawa para sa kanya laban kay Allah. Sila ang (mga tao) na ang kanilang puso ay hindi ninanais ni Allah na dalisayin (mula sa kawalan ng pananampalataya at pagkukunwari); sasakanila ang (kaparusahan na) kahihiyan sa mundong ito at sa Kabilang Buhay ay may malaking kaparusahan.

سَمَّٰعُونَ لِلْكَذِبِ أَكَّٰلُونَ لِلسُّحْتِ ۚ فَإِن جَآءُوكَ فَٱحْكُم بَيْنَهُمْ أَوْ أَعْرِضْ عَنْهُمْ ۖ وَإِن تُعْرِضْ عَنْهُمْ فَلَن يَضُرُّوكَ شَيْـًٔا ۖ وَإِنْ حَكَمْتَ فَٱحْكُم بَيْنَهُم بِٱلْقِسْطِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ

42. Sila ay nalulugod sa pakikinig sa kasinungalingan, at kanilang pinagpapasasaan ang hindi marapat na ipinagbabawal. Kaya't kung sila ay lumapit sa iyo (O Muhammad), maaari mo silang hatulan sa pagitan nila o iyong talikuran sila. Kung sila ay iyong

talikuran, kailanman, kayo ay hindi nila maipapahamak kahit na katiting. At kung ikaw ay humatol (sa kanila), iyong hatulan sila ng may katarungan sa pagitan nila. Katotohanang si Allah ay nagmamahal sa mga makatarungan.

يُحِبُّ ٱلْمُقْسِطِينَ ﴿٤٢﴾

43. At papaano ito na sila ay lumalapit sa iyo para sa kahatulan (bagama't sila ay hindi naniniwala sa iyo) samantalang nasa sa kanila ang *Torah* (mga Batas), na nararoon ang pagpapasiya (o kahatulan) ni Allah? At sila ay tumalikod sa iyong hatol (pagpapasiya). Sa katotohanan, sila ay mga hindi nananampalataya.

وَكَيْفَ يُحَكِّمُونَكَ وَعِندَهُمُ ٱلتَّوْرَىٰةُ فِيهَا حُكْمُ ٱللَّهِ ثُمَّ يَتَوَلَّوْنَ مِنۢ بَعْدِ ذَٰلِكَ ۚ وَمَآ أُو۟لَٰٓئِكَ بِٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٤٣﴾

44. Katotohanang Aming ipinanaog ang *Torah* (ang mga Batas na ibinigay kay Moises), naririto ang patnubay at liwanag, na sa pamamagitan nito ang mga Propeta na nagsuko ng kanilang sarili sa Kalooban ni Allah ay humatol sa mga Hudyo. At ang mga *Rabbi* at mga pari (ay humatol rin sa mga Hudyo sa pamamagitan ng *Torah* [mga Batas] makaraan ang mga Propetang ito), sapagkat sa kanila ay ipinagkatiwala ang pangangalaga sa Aklat ni Allah (ang *Torah*), at sila ay mga saksi rito. Kaya't sila ay huwag ninyong katakutan (sa pagpapatupad ng Aking Batas), datapuwa't Ako ay inyong pangambahan at huwag ninyong ipagbili ang Aking *Ayat* (mga Talata) sa murang halaga. At sinuman ang hindi humatol (magpatupad ng Batas) ayon sa kapahayagan ni Allah, sila ang *Kafirun* (mga hindi sumasampalataya).

إِنَّآ أَنزَلْنَا ٱلتَّوْرَىٰةَ فِيهَا هُدًى وَنُورٌ ۖ يَحْكُمُ بِهَا ٱلنَّبِيُّونَ ٱلَّذِينَ أَسْلَمُوا۟ لِلَّذِينَ هَادُوا۟ وَٱلرَّبَّٰنِيُّونَ وَٱلْأَحْبَارُ بِمَا ٱسْتُحْفِظُوا۟ مِن كِتَٰبِ ٱللَّهِ وَكَانُوا۟ عَلَيْهِ شُهَدَآءَ ۚ فَلَا تَخْشَوُا۟ ٱلنَّاسَ وَٱخْشَوْنِ ۚ وَلَا تَشْتَرُوا۟ بِـَٔايَٰتِى ثَمَنًا قَلِيلًا ۚ وَمَن لَّمْ يَحْكُم بِمَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ فَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْكَٰفِرُونَ ﴿٤٤﴾

45. At Aming ipinag-utos dito para sa kanila: "Buhay sa buhay, mata sa mata, ilong sa ilong, tainga sa tainga, ngipin sa ngipin, at para sa mga sugat (nakasakit) ay legal na ganti (kaparusahan)." Datapuwa't sinuman ang magparaya ng kanyang karapatan bilang kawanggawa, ito ay magiging kabayaran mula sa kanya (alalaong baga, paghuhugas sa kanyang kasalanan). At sinuman ang hindi humatol ng ayon sa ipinahayag ni Allah, sila ang *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at tampalasan).

وَكَتَبْنَا عَلَيْهِمْ فِيهَآ أَنَّ ٱلنَّفْسَ بِٱلنَّفْسِ وَٱلْعَيْنَ بِٱلْعَيْنِ وَٱلْأَنفَ بِٱلْأَنفِ وَٱلْأُذُنَ بِٱلْأُذُنِ وَٱلسِّنَّ بِٱلسِّنِّ وَٱلْجُرُوحَ قِصَاصٌ ۚ فَمَن تَصَدَّقَ بِهِۦ فَهُوَ كَفَّارَةٌ لَّهُۥ ۚ وَمَن لَّمْ يَحْكُم بِمَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ فَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلظَّٰلِمُونَ ﴿٤٥﴾

وَقَفَّيْنَا عَلَىٰٓ ءَاثَـٰرِهِم بِعِيسَى ٱبْنِ مَرْيَمَ مُصَدِّقًا لِّمَا بَيْنَ يَدَيْهِ مِنَ ٱلتَّوْرَىٰةِ ۖ وَءَاتَيْنَـٰهُ ٱلْإِنجِيلَ فِيهِ هُدًى وَنُورٌ ۙ وَمُصَدِّقًا لِّمَا بَيْنَ يَدَيْهِ مِنَ ٱلتَّوْرَىٰةِ وَهُدًى وَمَوْعِظَةً لِّلْمُتَّقِينَ ﴿٤٦﴾

46. At sa kanilang yapak ay Aming isinugo si Hesus, ang anak ni Maria, na nagpapatotoo sa *Torah* (mga Batas) na dumatal nang una pa sa kanya, at Aming ipinagkaloob sa kanya ang *Injil* (Ebanghelyo), na naririto ang patnubay at liwanag at pagpapatotoo sa *Torah* (mga Batas) na dumatal bago pa rito, isang patnubay at paala-ala sa *Al-Muttaqun* (mga matimtiman, matutuwid na mananampalataya).

وَلْيَحْكُمْ أَهْلُ ٱلْإِنجِيلِ بِمَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ فِيهِ ۚ وَمَن لَّمْ يَحْكُم بِمَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ فَأُو۟لَـٰٓئِكَ هُمُ ٱلْفَـٰسِقُونَ ﴿٤٧﴾

47. Hayaan ang mga tao (na pinagkalooban) ng Ebanghelyo ay humatol ng ayon sa ipinahayag ni Allah dito. At sinuman ang hindi humatol ng ayon sa ipinahayag ni Allah, (kung gayon), sila ay *Fasiqun* (mga mapaghimagsik, palasuway kay Allah).

وَأَنزَلْنَآ إِلَيْكَ ٱلْكِتَـٰبَ بِٱلْحَقِّ مُصَدِّقًا لِّمَا بَيْنَ يَدَيْهِ مِنَ ٱلْكِتَـٰبِ وَمُهَيْمِنًا عَلَيْهِ ۖ فَٱحْكُم بَيْنَهُم بِمَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ ۖ وَلَا تَتَّبِعْ أَهْوَآءَهُمْ عَمَّا جَآءَكَ مِنَ ٱلْحَقِّ ۚ لِكُلٍّ جَعَلْنَا مِنكُمْ شِرْعَةً وَمِنْهَاجًا ۚ وَلَوْ شَآءَ ٱللَّهُ لَجَعَلَكُمْ أُمَّةً وَٰحِدَةً وَلَـٰكِن لِّيَبْلُوَكُمْ فِى مَآ ءَاتَىٰكُمْ ۖ فَٱسْتَبِقُوا۟ ٱلْخَيْرَٰتِ ۚ إِلَى ٱللَّهِ مَرْجِعُكُمْ جَمِيعًا فَيُنَبِّئُكُم بِمَا كُنتُمْ فِيهِ تَخْتَلِفُونَ ﴿٤٨﴾

48. At Aming ipinanaog sa iyo (O Muhammad) ang Aklat (Qur'an) sa katotohanan, na nagpapatotoo sa Kasulatan na dumatal nang una pa rito at *Mohayminan* (bilang isang pamantayan na nakasasakop) dito. Kaya't iyong hatulan sila ng ayon sa ipinahayag ni Allah (ang Qur'an) at huwag mong sundin ang kanilang walang saysay na pagnanais na magliligaw sa iyo sa katotohanan na dumatal sa iyo. Sa bawat isang bansa (pamayanan) sa inyo, Kami ay nagtalaga ng isang Batas at isang paraan (patakaran)[19] ng buhay. Kung ninais lamang ni Allah, magagawa Niya na kayo ay maging isang bansa (pamayanan), datapuwa't nais Niya na masubukan kayo sa bagay na Kanyang ipinagkaloob sa inyo; kaya't magpaligsahan kayo sa (paggawa ng) mababuting gawa. Kayong lahat ay magbabalik kay Allah; at ipapaalam Niya sa inyo ang mga bagay na hindi ninyo pinagkakasunduan.

وَأَنِ ٱحْكُم بَيْنَهُم بِمَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ وَلَا تَتَّبِعْ أَهْوَآءَهُمْ وَٱحْذَرْهُمْ أَن يَفْتِنُوكَ عَنۢ

49. At humatol ka (O Muhammad) sa pagitan nila ng ayon sa ipinahayag ni Allah at huwag mong sundin ang kanilang walang saysay na pagnanais, at maging maingat sa kanila, na ikaw

[19] Na una pa sa kapahayagang ito, na humalili sa lahat ng mga nangaunang kasulatan (kapahayagan).

بَعْضِ مَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ إِلَيْكَ ۚ فَإِن تَوَلَّوْا۟ فَٱعْلَمْ أَنَّمَا يُرِيدُ ٱللَّهُ أَن يُصِيبَهُم بِبَعْضِ ذُنُوبِهِمْ ۗ وَإِنَّ كَثِيرًا مِّنَ ٱلنَّاسِ لَفَٰسِقُونَ ﴿٤٩﴾

ay mailihis nila sa pagtupad sa ilang kautusan na ipinahayag ni Allah sa iyo, at kung sila ay magsitalikod, iyong maalaman na ang ninais ni Allah ay maparusahan sila dahilan sa kanilang mga kasalanan. At katotohanan, ang karamihan sa mga tao ay *Fasiqun* (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah).

أَفَحُكْمَ ٱلْجَٰهِلِيَّةِ يَبْغُونَ ۚ وَمَنْ أَحْسَنُ مِنَ ٱللَّهِ حُكْمًا لِّقَوْمٍ يُوقِنُونَ ﴿٥٠﴾

50. Yaon bagang kautusan (kahatulan) ng panahon ng kamangmangan ang kanilang ninanais? Datapuwa't sino ang higit na mahusay kaysa kay Allah sa paghatol sa (piling) mga tao na may katiyakan (sa kanilang) pananampalataya.

۞ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَتَّخِذُوا۟ ٱلْيَهُودَ وَٱلنَّصَٰرَىٰٓ أَوْلِيَآءَ ۘ بَعْضُهُمْ أَوْلِيَآءُ بَعْضٍ ۚ وَمَن يَتَوَلَّهُم مِّنكُمْ فَإِنَّهُۥ مِنْهُمْ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهْدِى ٱلْقَوْمَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٥١﴾

51. O kayong nagsisisampalataya! Huwag ninyong tangkilikin ang mga Hudyo at Kristiyano bilang *Auliya* (kaibigan, tagapangalaga, katulong), sila ay *Auliya* lamang sa bawat isa sa kanilang lipon. At sinuman sa inyo ang kumuha sa kanila bilang *Auliya*, kung gayon, siya ay isa sa kanila. Katotohanang si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, buhong, buktot, walang katarungan).

فَتَرَى ٱلَّذِينَ فِى قُلُوبِهِم مَّرَضٌ يُسَٰرِعُونَ فِيهِمْ يَقُولُونَ نَخْشَىٰٓ أَن تُصِيبَنَا دَآئِرَةٌ ۚ فَعَسَى ٱللَّهُ أَن يَأْتِىَ بِٱلْفَتْحِ أَوْ أَمْرٍ مِّنْ عِندِهِۦ فَيُصْبِحُوا۟ عَلَىٰ مَآ أَسَرُّوا۟ فِىٓ أَنفُسِهِمْ نَٰدِمِينَ ﴿٥٢﴾

52. At inyong napagmamalas, sila na sa kanilang puso ay may karamdaman (ng pagkukunwari), sila ay nagmamadali sa kanilang pakikipagkaibigan (sa mga Hudyo), na nagsasabi: "Kami ay nangangamba, baka ang ilang kasawian ng kapahamakan ay sumapit sa amin (alalaong baga, sila ay nangangamba na ang mga hindi nananampalataya ay maaaring lumupig sa mga Muslim, kaya't sila ay sumasang-ayon sa mga Hudyo at Kristiyano, upang gamitin ang ganitong pagkampi para sa kanilang kapakinabangan sa gayong pangyayari [pangangailangan])". Maaaring si Allah ay maghatid sa kanila (na mga Muslim) ng isang tagumpay (na malupig ang Makkah) o isang pasya ayon sa Kanyang Kalooban (alalaong baga, inaatasan ang mga Hudyo at Kristiyano na magbayad ng *Jizyah* [buwis ng pangangalaga]). At sila (na mga mapagkunwari) ay magsisisi sa mga bagay na kanilang itinatago bilang lihim sa kanilang sarili.

وَيَقُولُ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ أَهَٰٓؤُلَآءِ ٱلَّذِينَ أَقْسَمُوا۟ بِٱللَّهِ جَهْدَ أَيْمَٰنِهِمْ ۙ إِنَّهُمْ لَمَعَكُمْ ۚ حَبِطَتْ أَعْمَٰلُهُمْ فَأَصْبَحُوا۟ خَٰسِرِينَ ﴿٥٣﴾

53. At ang mga sumasampalataya ay magsasabi: "Sila ba ang mga tao (na mapagkunwari) na sumusumpa ng kanilang pinakamatibay na pangako kay Allah, na sila ay nasa panig ninyo (mga Muslim)." Ang lahat ng kanilang ginawa ay nawalan ng saysay (dahilan sa kanilang pagkukunwari), at sila ay naging talunan.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مَن يَرْتَدَّ مِنكُمْ عَن دِينِهِۦ فَسَوْفَ يَأْتِى ٱللَّهُ بِقَوْمٍ يُحِبُّهُمْ وَيُحِبُّونَهُۥٓ أَذِلَّةٍ عَلَى ٱلْمُؤْمِنِينَ أَعِزَّةٍ عَلَى ٱلْكَٰفِرِينَ يُجَٰهِدُونَ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ وَلَا يَخَافُونَ لَوْمَةَ لَآئِمٍ ۚ ذَٰلِكَ فَضْلُ ٱللَّهِ يُؤْتِيهِ مَن يَشَآءُ ۚ وَٱللَّهُ وَٰسِعٌ عَلِيمٌ ﴿٥٤﴾

54. O kayong nagsisisampalataya! Sinuman sa inyo ang tumalikod sa kanyang pananampalataya (Islam), si Allah ay magdadala ng mga tao (na ipapalit sa kanila), na Kanyang mamahalin at magmamahal sa Kanya; na mapagkumbaba sa mga sumasampalataya, na matatag laban sa mga hindi sumasampalataya, na nakikipaglaban sa Landas ni Allah, at hindi kailanman nangangamba sa paratang ng mga nagpaparatang (naninisi). Ito ang biyaya ni Allah na Kanyang ipinagkakaloob sa sinumang Kanyang maibigan. At si Allah ay Sukdol sa Kagandahang-loob, ang Ganap na Maalam.

إِنَّمَا وَلِيُّكُمُ ٱللَّهُ وَرَسُولُهُۥ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱلَّذِينَ يُقِيمُونَ ٱلصَّلَوٰةَ وَيُؤْتُونَ ٱلزَّكَوٰةَ وَهُمْ رَٰكِعُونَ ﴿٥٥﴾

55. Katotohanan, ang inyong *Wali* (Tagapangalaga at Tagapagtangkilik) ay si Allah, ang Kanyang Sugo, at ang mga sumasampalataya, na nag-aalay ng *Salah* (takdang pagdarasal) nang mahinusay, ang nagbibigay ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa), at sila ay yumuyukod sa pagdarasal.

وَمَن يَتَوَلَّ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ فَإِنَّ حِزْبَ ٱللَّهِ هُمُ ٱلْغَٰلِبُونَ ﴿٥٦﴾

56. At sinuman ang tumangkilik kay Allah, sa Kanyang Sugo, at sa mga sumasampalataya bilang *Wali* (Tagapangalaga, Kaibigan at Tagatangkilik) kung gayon, ang pangkat ni Allah ay magiging matagumpay.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَتَّخِذُوا۟ ٱلَّذِينَ ٱتَّخَذُوا۟ دِينَكُمْ هُزُوًا وَلَعِبًا مِّنَ ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ مِن قَبْلِكُمْ وَٱلْكُفَّارَ أَوْلِيَآءَ ۚ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ﴿٥٧﴾

57. O kayong nagsisisampalataya! Huwag ninyong tangkilikin bilang *Auliya* (tagapangalaga at tagapagtangkilik) ang mga nagtuturing sa inyong pananampalataya bilang isang panunuya at katatawanan mula sa lipon ng mga nakatanggap ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) nang una pa sa inyo, gayundin ang mga hindi sumasampalataya; at inyong pangambahan si Allah kung kayo ay tunay na

nananampalataya.

58. At kung inyong ipinahahayag ang pagtawag sa dasal (*Adhan*), ito ay kanilang itinuturing (bilang isa lamang) panunuya at katatawanan; ito'y sa dahilang sila ay mga tao na hindi nakakaunawa.

وَإِذَا نَادَيْتُمْ إِلَى ٱلصَّلَوٰةِ ٱتَّخَذُوهَا هُزُوًا وَلَعِبًا ۚ ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ قَوْمٌ لَّا يَعْقِلُونَ ﴿٥٨﴾

59. Ipagbadya: "O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)! Kayo ba ay namimintas (bumabatikos) sa amin ng walang ibang dahilan, maliban lamang na kami ay sumasampalataya kay Allah, at sa (kapahayagan) na ipinanaog sa amin at sa mga ipinanaog nang una pa (sa amin; alalaong baga, kayo ba ay mayroong pang ibang puna o dahilan ng paninisi sa amin maliban pa rito? Ang ganito, sa anumang kaparaan, ay hindi marapat na ([siyang] maging dahilan ng sumbat o pamumuna sa amin), at ang karamihan sa inyo ay *Fasiqun* (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah)."

قُلْ يَٰٓأَهْلَ ٱلْكِتَٰبِ هَلْ تَنقِمُونَ مِنَّآ إِلَّآ أَنْ ءَامَنَّا بِٱللَّهِ وَمَآ أُنزِلَ إِلَيْنَا وَمَآ أُنزِلَ مِن قَبْلُ وَأَنَّ أَكْثَرَكُمْ فَٰسِقُونَ ﴿٥٩﴾

60. Ipagbadya (O Muhammad): "Ipapaalam ko ba sa inyo ang (tao na magtatamo nang) higit na masamang ganti mula kay Allah kaysa rito? (Sila ang [mga Hudyo], na may ganitong pag-uugali), (sila na) nagkamit ng Sumpa ni Allah at Kanyang Poot, at (sila na) Kanyang pinagpanibagong hugis na tulad ng mga unggoy at baboy, at (sila na Kanyang ginawang) sumasamba sa *Taghut* (diyus-diyosan); sila ang higit na masama ang antas (sa Araw ng Muling Pagkabuhay), at higit na napaligaw nang malayo sa Tuwid na Landas (sa mundong ito)."

قُلْ هَلْ أُنَبِّئُكُم بِشَرٍّ مِّن ذَٰلِكَ مَثُوبَةً عِندَ ٱللَّهِ ۚ مَن لَّعَنَهُ ٱللَّهُ وَغَضِبَ عَلَيْهِ وَجَعَلَ مِنْهُمُ ٱلْقِرَدَةَ وَٱلْخَنَازِيرَ وَعَبَدَ ٱلطَّٰغُوتَ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ شَرٌّ مَّكَانًا وَأَضَلُّ عَن سَوَآءِ ٱلسَّبِيلِ ﴿٦٠﴾

61. At nang sila ay nagtungo sa inyo, sila ay nagsasabi: "Kami ay sumasampalataya." At katotohanan, sila ay pumasok (na may saloobin) ng kawalan ng pananampalataya at sila ay lumabas na may gayon ding damdamin. At si Allah ang nakakaalam ng lahat ng kanilang ikinukubli.

وَإِذَا جَآءُوكُمْ قَالُوٓا۟ ءَامَنَّا وَقَد دَّخَلُوا۟ بِٱلْكُفْرِ وَهُمْ قَدْ خَرَجُوا۟ بِهِۦ ۚ وَٱللَّهُ أَعْلَمُ بِمَا كَانُوا۟ يَكْتُمُونَ ﴿٦١﴾

62. At inyong napagmamalas ang marami sa kanila (mga Hudyo) na nagmamadali sa kasalanan at paglabag, at pagkain ng mga bawal na bagay (tulad ng suhol at *Riba* [tubo sa pera o

وَتَرَىٰ كَثِيرًا مِّنْهُمْ يُسَٰرِعُونَ فِى ٱلْإِثْمِ وَٱلْعُدْوَٰنِ وَأَكْلِهِمُ ٱلسُّحْتَ ۚ لَبِئْسَ مَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿٦٢﴾

pautang]). Tunay na kasamaan ang kanilang ginagawa.

لَوْلَا يَنْهَىٰهُمُ ٱلرَّبَّٰنِيُّونَ وَٱلْأَحْبَارُ عَن قَوْلِهِمُ ٱلْإِثْمَ وَأَكْلِهِمُ ٱلسُّحْتَ ۚ لَبِئْسَ مَا كَانُوا۟ يَصْنَعُونَ ﴿٦٣﴾

63. Bakit kaya ang *Rabbaniyyun* at mga relihiyong pantas *(Ahbar)*[20] ay hindi pumipigil sa kanila sa pagsasalita ng mga makasalanang salita (kasinungalingan) at sa pagkain ng mga ipinagbabawal na bagay. Tunay na kasamaan ang kanilang ginagawa.

وَقَالَتِ ٱلْيَهُودُ يَدُ ٱللَّهِ مَغْلُولَةٌ ۚ غُلَّتْ أَيْدِيهِمْ وَلُعِنُوا۟ بِمَا قَالُوا۟ ۘ بَلْ يَدَاهُ مَبْسُوطَتَانِ يُنفِقُ كَيْفَ يَشَآءُ ۚ وَلَيَزِيدَنَّ كَثِيرًا مِّنْهُم مَّآ أُنزِلَ إِلَيْكَ مِن رَّبِّكَ طُغْيَٰنًا وَكُفْرًا ۚ وَأَلْقَيْنَا بَيْنَهُمُ ٱلْعَدَٰوَةَ وَٱلْبَغْضَآءَ إِلَىٰ يَوْمِ ٱلْقِيَٰمَةِ ۚ كُلَّمَآ أَوْقَدُوا۟ نَارًا لِّلْحَرْبِ أَطْفَأَهَا ٱللَّهُ ۚ وَيَسْعَوْنَ فِى ٱلْأَرْضِ فَسَادًا ۚ وَٱللَّهُ لَا يُحِبُّ ٱلْمُفْسِدِينَ ﴿٦٤﴾

64. Ang mga Hudyo ay nagsabi: "Ang Kamay ni Allah ay nakagapos (alalaong baga, Siya ay walang kakayahang magbigay at gumugol ng Kanyang Kasaganaan)." Dapat ang kanilang mga kamay ang matalian (matanikalaan) at sila ay sumpain sa kanilang mga sinabi. Datapuwa't ang Kanyang mga Kamay ay nakaunat nang malapad. Siya ay gumugugol (ng Kanyang Kasaganaan) sa Kanyang maibigan. Katotohanan, ang kapahayagan na ipinanaog sa iyo (Muhammad) mula sa iyong Panginoon ay nakapagdagdag sa karamihan sa kanila ng katigasan ng kanilang ulo, ng paghihimagsik at kawalan ng pananampalataya. Naglagay Kami ng galit at pagkamuhi sa pagitan nila hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Sa bawat sandali na kanilang pinapagliyab ang apoy ng digmaan, si Allah ang pumapawi nito; at sila ay lagi nang nagsusumikap na makagawa ng kabuktutan sa kalupaan. At si Allah ay hindi nagmamahal sa mga mapaggawa ng kalokohan (kabuktutan, kabuhungan).

وَلَوْ أَنَّ أَهْلَ ٱلْكِتَٰبِ ءَامَنُوا۟ وَٱتَّقَوْا۟ لَكَفَّرْنَا عَنْهُمْ سَيِّـَٔاتِهِمْ وَلَأَدْخَلْنَٰهُمْ جَنَّٰتِ ٱلنَّعِيمِ ﴿٦٥﴾

65. At kung nagsisampalataya lamang ang Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) kay Allah at sa Kanyang Sugo (Muhammad) at umiwas sa kasamaan (kasalanan, sa pagtataguri kay Allah ng mga katambal [o anak]), katotohanang Aming buburahin ang kanilang mga kasalanan at sila ay tatanggapin Namin sa Halamanan ng Kasiyahan (sa Paraiso).

وَلَوْ أَنَّهُمْ أَقَامُوا۟ ٱلتَّوْرَىٰةَ وَٱلْإِنجِيلَ وَمَآ أُنزِلَ

66. At kung sila lamang ay gumawa ng ayon sa

[20] Ang *Rabbaniyyun* ay ang mga pantas na nasa posisyon ng kapamahalaan, samantalang ang *Ahbar* ay ang mga karaniwang pantas. [Ibn Kathir, Vol. 3/218]

Torah (mga Batas), sa *Injil* (Ebanghelyo), at sa ipinanaog sa kanila (ngayon) mula sa kanilang Panginoon (ang Qur'an), katotohanang sila sana ay nakapagtamo ng kasaganaan at ikabubuhay mula sa itaas nila at mula sa ilalim ng kanilang mga paa. Mayroong mga tao sa lipon nila ang nasa tamang landas (alalaong baga, sila ay gumagawa ng ayon sa kapahayagan at naniniwala kay Propeta Muhammad), datapuwa't marami sa kanila ang gumagawa ng kasamaan.

إِلَيْهِم مِّن رَّبِّهِمْ لَأَكَلُوا۟ مِن فَوْقِهِمْ وَمِن تَحْتِ أَرْجُلِهِمْ ۚ مِّنْهُمْ أُمَّةٌ مُّقْتَصِدَةٌ ۖ وَكَثِيرٌ مِّنْهُمْ سَآءَ مَا يَعْمَلُونَ ﴿٦٦﴾

67. O Sugo (Muhammad)! Ipamahagi (iparating) mo ang (Kapahayagan na) ipinanaog sa iyo mula sa iyong Panginoon. At kung (ito) ay hindi mo gawin, kung gayon, hindi mo naiparating ang Kanyang Mensahe. Si Allah ang mangangalaga sa iyo sa sangkatauhan. Katotohanang si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na hindi sumasampalataya.

۞ يَٰٓأَيُّهَا ٱلرَّسُولُ بَلِّغْ مَآ أُنزِلَ إِلَيْكَ مِن رَّبِّكَ ۖ وَإِن لَّمْ تَفْعَلْ فَمَا بَلَّغْتَ رِسَالَتَهُۥ ۚ وَٱللَّهُ يَعْصِمُكَ مِنَ ٱلنَّاسِ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهْدِى ٱلْقَوْمَ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٦٧﴾

68. Ipagbadya (O Muhammad): "O Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano)! Kayo ay walang masasabing angkin (kung tungkol sa patnubay) hangga't kayo ay hindi gumagawa ng ayon sa *Torah* (mga Batas), sa Ebanghelyo, at sa ipinanaog (ngayon) sa inyo mula sa inyong Panginoon (ang Qur'an)." Katotohanan, ang kapahayagan na ipinanaog sa iyo (Muhammad) mula sa iyong Panginoon ay nakapagdagdag sa karamihan sa kanila ng katigasan ng kanilang ulo, ng paghihimagsik at kawalan ng pananampalataya. Kaya't huwag kang malumbay hinggil sa mga tao na hindi sumasampalataya.

قُلْ يَٰٓأَهْلَ ٱلْكِتَٰبِ لَسْتُمْ عَلَىٰ شَىْءٍ حَتَّىٰ تُقِيمُوا۟ ٱلتَّوْرَىٰةَ وَٱلْإِنجِيلَ وَمَآ أُنزِلَ إِلَيْكُم مِّن رَّبِّكُمْ ۗ وَلَيَزِيدَنَّ كَثِيرًا مِّنْهُم مَّآ أُنزِلَ إِلَيْكَ مِن رَّبِّكَ طُغْيَٰنًا وَكُفْرًا ۖ فَلَا تَأْسَ عَلَى ٱلْقَوْمِ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٦٨﴾

69. Katotohanan, ang mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah, sa Kanyang Sugong si Muhammad at sa lahat ng ipinahayag sa kanya mula kay Allah), ang mga Hudyo at mga Sabiano at mga Kristiyano[21] , - sinumang manampalataya kay Allah at sa Huling Araw at nagsigawa ng kabutihan (at naniwala kay

إِنَّ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَٱلَّذِينَ هَادُوا۟ وَٱلصَّٰبِـُٔونَ وَٱلنَّصَٰرَىٰ مَنْ ءَامَنَ بِٱللَّهِ وَٱلْيَوْمِ ٱلْءَاخِرِ وَعَمِلَ صَٰلِحًا فَلَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ﴿٦٩﴾

[21] Ang mga Sabiano: isang sekta mula sa mga Kristiyano at mga Mahiyano (Magiano) na hindi sumunod sa anumang partikular na relihiyon, ayon sa pagsasalaysay ni Mujahid. Tungkol sa mga Kristiyano, sila ay kilala at sa kanila ay ipinagkatiwala ang *Injil* (Ebanghelyo). [Ibn Kathir, Vol. 3/232]

Propeta Muhammad) - sa kanila ay walang pangangamba, gayundin naman, sila ay hindi mahahapis. (Ang talatang ito ay sinusugan ng Surah 3:85, matapos ang pagdatal ni Propeta Muhammad, wala ng ibang pananampalataya ang tatanggapin ni Allah sa sinuman maliban sa Islam).

لَقَدْ أَخَذْنَا مِيثَٰقَ بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ وَأَرْسَلْنَآ إِلَيْهِمْ رُسُلًا ۖ كُلَّمَا جَآءَهُمْ رَسُولٌۢ بِمَا لَا تَهْوَىٰٓ أَنفُسُهُمْ فَرِيقًا كَذَّبُوا۟ وَفَرِيقًا يَقْتُلُونَ ﴿٧٠﴾

70. Katotohanang Aming kinuha ang Kasunduan ng Angkan ng Israel (na sila ay makinig at sumunod sa kautusan) at nagsugo sa kanila ng mga Sugo. Sa bawat panahon na may dumaratal sa kanila na isang Sugo na hindi naaayon ang kanyang Mensahe sa kanilang sariling kagustuhan (siya ay kanilang itinatakwil), ang ilan (sa mga Sugo) ay tinawag nilang mga sinungaling, at ang iba naman ay kanilang pinapatay.

وَحَسِبُوٓا۟ أَلَّا تَكُونَ فِتْنَةٌ فَعَمُوا۟ وَصَمُّوا۟ ثُمَّ تَابَ ٱللَّهُ عَلَيْهِمْ ثُمَّ عَمُوا۟ وَصَمُّوا۟ كَثِيرٌ مِّنْهُمْ ۚ وَٱللَّهُ بَصِيرٌۢ بِمَا يَعْمَلُونَ ﴿٧١﴾

71. At sila ay nag-aakala na hindi magdudulot sa kanila ng kaparusahan (at kapahamakan) ang kanilang paglabag, (subalit nangyari na sila ay pinarusahan tungkol dito), kaya't sila ay naging bulag at bingi (na hindi na nila makikita at maririnig ang katotohanan); makaraan nito (sila ay nagsisi sa kanilang kasalanan), at si Allah ay bumaling sa kanila (ng may pagpapatawad); datapuwa't muli, marami sa kanila ang naging bulag at bingi (na hindi na nila makikita at maririnig ang katotohanan). At si Allah ang Ganap na Nakamamasid ng kanilang ginagawa.

لَقَدْ كَفَرَ ٱلَّذِينَ قَالُوٓا۟ إِنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلْمَسِيحُ ٱبْنُ مَرْيَمَ ۖ وَقَالَ ٱلْمَسِيحُ يَٰبَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ ٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ رَبِّى وَرَبَّكُمْ ۖ إِنَّهُۥ مَن يُشْرِكْ بِٱللَّهِ فَقَدْ حَرَّمَ ٱللَّهُ عَلَيْهِ ٱلْجَنَّةَ وَمَأْوَىٰهُ ٱلنَّارُ ۖ وَمَا لِلظَّٰلِمِينَ مِنْ أَنصَارٍ ﴿٧٢﴾

72. Katotohanang hindi sumasampalataya ang mga nagsasabi: "Si Allah ang Mesiyas (Hesus), ang anak ni Maria." Datapuwa't ang Mesiyas (Hesus) ay nagsabi: "O Angkan ng Israel! Sambahin ninyo si Allah, ang aking Panginoon at inyong Panginoon." Katotohanan, ang sinumang nagbibigay ng mga katambal sa pagsamba kay Allah, kung gayon, si Allah ay magkakait sa kanya ng Paraiso at ang Apoy ang kanyang magiging tirahan. At sa *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, buktot, buhong, tampalasan), sila ay walang magiging tagapagtangkilik.

لَّقَدْ كَفَرَ ٱلَّذِينَ قَالُوٓا۟ إِنَّ ٱللَّهَ ثَالِثُ

73. Katotohanan, hindi sumasampalataya ang mga nagsasabi: "Si Allah ay isa sa tatlo (sa

Trinidad)." Datapuwa't wala ng iba pang Diyos (na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba) maliban sa Nag-iisang Diyos (Allah). At kung sila ay hindi titigil sa kanilang sinasabi, katotohanan, ang isang kasakit-sakit na kaparusahan ay sasapit sa mga hindi sumasampalataya sa kanila.

ثَلَٰثَةٍ وَمَا مِنْ إِلَٰهٍ إِلَّآ إِلَٰهٌ وَٰحِدٌ ۚ وَإِن لَّمْ يَنتَهُوا۟ عَمَّا يَقُولُونَ لَيَمَسَّنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِنْهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٧٣﴾

74. Hindi baga sila magbabalik-loob (sa pagsisisi) kay Allah at hihingi ng Kanyang kapatawaran? Sapagkat si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

أَفَلَا يَتُوبُونَ إِلَى ٱللَّهِ وَيَسْتَغْفِرُونَهُۥ ۚ وَٱللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٧٤﴾

75. Ang Mesiyas (Hesus), ang anak ni Maria, ay hindi hihigit pa sa isang Sugo, marami ng mga Sugo ang pumanaw nang una pa sa kanya. Ang kanyang ina (Maria) ay isang *Siddiqah* (alalaong baga, siya ay nananampalataya kay Allah ng may ganap na pagtitiwala sa Kanya at siya ay naniniwala sa mga salita ni Allah at sa Kanyang mga Aklat; tunghayan ang Surah 66:12). Sila ay kapwa kumakain ng pagkain (na katulad ng iba pang tao, subalit si Allah ay hindi kumakain). Pagmasdan kung paano Namin ginawa ang *Ayat* (mga katibayan, aral, kapahayagan, tanda) na maliwanag sa kanila, magkagayunman, pagmalasin kung paano sila napaligaw nang malayo (sa katotohanan).

مَّا ٱلْمَسِيحُ ٱبْنُ مَرْيَمَ إِلَّا رَسُولٌ قَدْ خَلَتْ مِن قَبْلِهِ ٱلرُّسُلُ ۖ وَأُمُّهُۥ صِدِّيقَةٌ ۖ كَانَا يَأْكُلَانِ ٱلطَّعَامَ ۗ ٱنظُرْ كَيْفَ نُبَيِّنُ لَهُمُ ٱلْءَايَٰتِ ثُمَّ ٱنظُرْ أَنَّىٰ يُؤْفَكُونَ ﴿٧٥﴾

76. Ipagbadya (O Muhammad, sa kanila na mga hindi sumasampalataya): "Paano ninyo sinasamba maliban pa kay Allah ang isang bagay na walang kapangyarihan na makagawa ng kapinsalaan gayundin ng kapakinabangan para sa inyo? Datapuwa't si Allah ang Siyang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam.

قُلْ أَتَعْبُدُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ مَا لَا يَمْلِكُ لَكُمْ ضَرًّا وَلَا نَفْعًا ۚ وَٱللَّهُ هُوَ ٱلسَّمِيعُ ٱلْعَلِيمُ ﴿٧٦﴾

77. Ipagbadya (O Muhammad): "O Angkan ng Kasulatan (mga Kristiyano)! Huwag kayong magmalabis sa hangganan ng inyong pananampalataya tungkol kay Hesus (sa pamamagitan ng pananalig sa bagay) na naiiba sa katotohanan, at huwag ninyong sundin ang walang kapararakang pagnanais ng mga tao na napaligaw noong una (mga Hudyo), at naglihis sa marami, at nagligaw (sa kanilang sarili) sa Tamang Landas."

قُلْ يَٰٓأَهْلَ ٱلْكِتَٰبِ لَا تَغْلُوا۟ فِى دِينِكُمْ غَيْرَ ٱلْحَقِّ وَلَا تَتَّبِعُوٓا۟ أَهْوَآءَ قَوْمٍ قَدْ ضَلُّوا۟ مِن قَبْلُ وَأَضَلُّوا۟ كَثِيرًا وَضَلُّوا۟ عَن سَوَآءِ ٱلسَّبِيلِ ﴿٧٧﴾

لُعِنَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِنۢ بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ عَلَىٰ لِسَانِ دَاوُۥدَ وَعِيسَى ٱبْنِ مَرْيَمَ ۚ ذَٰلِكَ بِمَا عَصَوا۟ وَّكَانُوا۟ يَعْتَدُونَ ﴿٧٨﴾

78. Ang mga nasa lipon ng Angkan ng Israel na hindi sumampalataya ay isinumpa (ni Allah) sa pamamagitan ng dila ni David, at Hesus, ang anak ni Maria (alalaong baga, sa pamamagitan ng mga Aklat na ipinanaog kina David at Hesus). Ito'y sa dahilang sila ay sumuway (kay Allah at sa Sugo) at patuloy na lumalabag nang lagpas sa lahat ng hangganan.

كَانُوا۟ لَا يَتَنَاهَوْنَ عَن مُّنكَرٍ فَعَلُوهُ ۚ لَبِئْسَ مَا كَانُوا۟ يَفْعَلُونَ ﴿٧٩﴾

79. Sila ay nahirati na hindi nagbabawal sa isa't isa sa *Munkar* (kamalian, kasamaan, kasalanan, pagsamba sa diyus-diyosan, kawalan ng pananalig, atbp.) na kanilang ginawa. Tunay na kabuktutan ang kanilang laging ginagawa.

تَرَىٰ كَثِيرًا مِّنْهُمْ يَتَوَلَّوْنَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ ۚ لَبِئْسَ مَا قَدَّمَتْ لَهُمْ أَنفُسُهُمْ أَن سَخِطَ ٱللَّهُ عَلَيْهِمْ وَفِى ٱلْعَذَابِ هُمْ خَٰلِدُونَ ﴿٨٠﴾

80. Napagmamalas mo ang karamihan sa kanila na (mga Hudyo) ay tumatangkilik sa mga hindi sumasampalataya bilang kanilang *Auliya* (mga tagapangalaga at tagapagtangkilik). Tunay na kasamaan ang kanilang ginagawa (na pakikipagtangkilikan sa mga hindi sumasampalataya), at sa gayong (dahilan) ang Poot ni Allah ay sumapit sa kanila, at sa kaparusahan sila ay mananahan magpakailanman.

وَلَوْ كَانُوا۟ يُؤْمِنُونَ بِٱللَّهِ وَٱلنَّبِىِّ وَمَآ أُنزِلَ إِلَيْهِ مَا ٱتَّخَذُوهُمْ أَوْلِيَآءَ وَلَٰكِنَّ كَثِيرًا مِّنْهُمْ فَٰسِقُونَ ﴿٨١﴾

81. At kung sila lamang (mga Hudyo) ay nanampalataya kay Allah, at (naniwala) sa Propeta (Muhammad) at sa anumang ipinahayag sa kanya, kailanman ay hindi nila tatangkilikin sila (na mga hindi sumasampalataya) bilang *Auliya* (mga tagapangalaga at tagapagtangkilik), datapuwa't marami sa kanila ang *Fasiqun* (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah).

۞ لَتَجِدَنَّ أَشَدَّ ٱلنَّاسِ عَدَٰوَةً لِّلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱلْيَهُودَ وَٱلَّذِينَ أَشْرَكُوا۟ ۖ وَلَتَجِدَنَّ أَقْرَبَهُم مَّوَدَّةً لِّلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱلَّذِينَ قَالُوٓا۟ إِنَّا نَصَٰرَىٰ ۚ ذَٰلِكَ بِأَنَّ مِنْهُمْ قِسِّيسِينَ وَرُهْبَانًا وَأَنَّهُمْ لَا يَسْتَكْبِرُونَ ﴿٨٢﴾

82. Katotohanan, inyong matatagpuan sa lipon ng mga tao, na ang may pinakamatinding pagkapoot sa mga sumasampalataya (mga Muslim) ay ang mga Hudyo at mga *Mushrik* (mga pagano, mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananampalataya sa Kaisahan ni Allah), at inyong matatagpuan na ang may pinakamalapit na pagmamahal sa mga sumasampalataya (mga Muslim) ay sila na nagsasabi: "Kami ay mga Kristiyano (na sumusunod sa relihiyon ng Mesiyas at sa mga

turo ng kanyang *Injil* [Ebanghelyo])." Ito'y sa dahilang kabilang sa kanila ay mga pari at monako (monghe), at sila ay hindi palalo (alalaong baga, sila ay inilalarawan na may karunungan, mapagsamba at pagpapakumbaba, kasama na rito ang pagsunod sa katotohanan at pagkamakatarungan).

وَإِذَا سَمِعُوا۟ مَآ أُنزِلَ إِلَى ٱلرَّسُولِ تَرَىٰٓ أَعْيُنَهُمْ تَفِيضُ مِنَ ٱلدَّمْعِ مِمَّا عَرَفُوا۟ مِنَ ٱلْحَقِّ ۖ يَقُولُونَ رَبَّنَآ ءَامَنَّا فَٱكْتُبْنَا مَعَ ٱلشَّٰهِدِينَ ﴿٨٣﴾

83. At kung sila (mga Kristiyano) ay nakikinig sa mga ipinanaog (na kapahayagan) sa Sugo (Muhammad), mapagmamalas mo ang kanilang mga mata na binabalungan ng luha dahilan sa katotohanan na kanilang napagkilala. Sila ay nagsasabi: "Aming Panginoon! Kami ay nananampalataya, kaya't kami ay Inyong itala na kabilang sa mga saksi."

وَمَا لَنَا لَا نُؤْمِنُ بِٱللَّهِ وَمَا جَآءَنَا مِنَ ٱلْحَقِّ ۖ وَنَطْمَعُ أَن يُدْخِلَنَا رَبُّنَا مَعَ ٱلْقَوْمِ ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿٨٤﴾

84. At bakit baga kami ay hindi mananampalataya kay Allah at sa anumang bagay ng katotohanan na dumatal sa amin (ang pananampalataya sa Kaisahan ni Allah)? At aming ninanais na ang aming Panginoon ay tatanggap sa amin (sa Paraiso sa Araw ng Muling Pagkabuhay) na kasama ang mga matutuwid na tao (si Propeta Muhammad at ang kanyang mga Kasamahan).

فَأَثَٰبَهُمُ ٱللَّهُ بِمَا قَالُوا۟ جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَا ۚ وَذَٰلِكَ جَزَآءُ ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿٨٥﴾

85. Kaya't sila ay ginantimpalaan ni Allah ng mga Halamanan (Paraiso) na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy dahilan sa kanilang sinabi, sila ay mananahan dito magpakailanman. At ito ang gantimpala sa mga gumagawa ng kabutihan.

وَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَكَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَآ أُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلْجَحِيمِ ﴿٨٦﴾

86. At ang mga hindi sumampalataya at nagpabulaan sa Aming *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, mga talata.), sila ang maninirahan sa Apoy (ng Impiyerno).

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تُحَرِّمُوا۟ طَيِّبَٰتِ مَآ أَحَلَّ ٱللَّهُ لَكُمْ وَلَا تَعْتَدُوٓا۟ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يُحِبُّ ٱلْمُعْتَدِينَ ﴿٨٧﴾

87. O kayong nagsisisampalataya! Huwag ninyong ipagbawal ang *Tayyibat* (ang lahat ng mga bagay na mabuti hinggil sa pagkain, gawain, pananalig, mga tao) na ginawa ni Allah na pinahihintulutan sa inyo, at huwag kayong magmalabis (sa paglabag sa mga hangganan). Katotohanang si Allah ay hindi nagmamahal sa mga lumalabag (sa hangganan).

وَكُلُوا۟ مِمَّا رَزَقَكُمُ ٱللَّهُ حَلَٰلًا طَيِّبًا ۚ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ ٱلَّذِىٓ أَنتُم بِهِۦ مُؤْمِنُونَ ﴿٨٨﴾

88. At kumain ng mga bagay na ipinagkaloob ni Allah sa inyo, na pinahihintulutan at mabuti, at pangambahan si Allah na sa Kanya kayo ay nananampalataya.

لَا يُؤَاخِذُكُمُ ٱللَّهُ بِٱللَّغْوِ فِىٓ أَيْمَٰنِكُمْ وَلَٰكِن يُؤَاخِذُكُم بِمَا عَقَّدتُّمُ ٱلْأَيْمَٰنَ ۖ فَكَفَّٰرَتُهُۥٓ

89. Si Allah ay hindi magpaparusa sa inyo sa mga panunumpa na hindi ninyo sinasadya (walang katuturan), datapuwa't Siya ay

magpaparusa sa inyo sa mga panunumpa na inyong sinasadya; at para sa kabayaran (pagsisisi o bayad-puri) ng sinadyang panunumpa o pangako, (kayo) ay magpakain ng sampung mahirap, sa sukat na kung ano ang katamtaman na inyong ipinakakain sa inyong sariling pamilya; o sila ay bihisan ninyo; o bigyan ng kalayaan ang isang alipin. Datapuwa't kung sinuman ang walang kakayahan (dito), kung gayon, siya ay nararapat na mag-ayuno ng tatlong araw. Ito ang kabayaran (pagsisisi o bayad-puri) sa mga panunumpa kung kayo ay nakapanumpa. At pangalagaan ninyo ang inyong mga sumpa (alalaong baga, huwag manumpa o mangako nang marami). Sa ganito ay ginagawa ni Allah na maging maliwanag sa inyo ang Kanyang *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, mga talata), upang kayo ay magkaroon ng utang na loob ng pasasalamat.

إِطْعَامُ عَشَرَةِ مَسَٰكِينَ مِنْ أَوْسَطِ مَا تُطْعِمُونَ أَهْلِيكُمْ أَوْ كِسْوَتُهُمْ أَوْ تَحْرِيرُ رَقَبَةٍ ۖ فَمَن لَّمْ يَجِدْ فَصِيَامُ ثَلَٰثَةِ أَيَّامٍ ۚ ذَٰلِكَ كَفَّٰرَةُ أَيْمَٰنِكُمْ إِذَا حَلَفْتُمْ ۚ وَٱحْفَظُوٓا۟ أَيْمَٰنَكُمْ ۚ كَذَٰلِكَ يُبَيِّنُ ٱللَّهُ لَكُمْ ءَايَٰتِهِۦ لَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ ﴿٨٩﴾

90. O kayong nagsisisampalataya! Ang mga nakalalasing (lahat ng uri ng inuming may alkohol at iba pa na nakapagbibigay ng lambong sa kaisipan tulad ng ipinagbabawal na gamot, droga, damong marijuana, atbp.), ang pagsusugal, *Al-Ansab* (kung saan naroon ang mga imahen o mga batong altar, na sa paligid nito ay inihahandog ang mga sakrispisyo o alay) at *Al-Azlam* (mga busog o palaso sa paghanap ng suwerte o kapasyahan) ay kasuklam-suklam na gawain ni Satanas. Kaya't (mahigpit) na talikdan (ang lahat ng gayong kasuklam-suklam na bagay) upang kayo ay maging matagumpay.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِنَّمَا ٱلْخَمْرُ وَٱلْمَيْسِرُ وَٱلْأَنصَابُ وَٱلْأَزْلَٰمُ رِجْسٌ مِّنْ عَمَلِ ٱلشَّيْطَٰنِ فَٱجْتَنِبُوهُ لَعَلَّكُمْ تُفْلِحُونَ ﴿٩٠﴾

91. Si Satanas ay naghahangad lamang na pasiglahin ang pagkagalit at pagkamuhi sa pagitan ninyo sa pamamagitan ng mga bagay na nakalalasing at pagsusugal, at humahadlang sa inyo sa pag-aala-ala kay Allah at sa pagdarasal. Kaya nga, kayo ba ay (handa nang) magsitigil?

إِنَّمَا يُرِيدُ ٱلشَّيْطَٰنُ أَن يُوقِعَ بَيْنَكُمُ ٱلْعَدَٰوَةَ وَٱلْبَغْضَآءَ فِى ٱلْخَمْرِ وَٱلْمَيْسِرِ وَيَصُدَّكُمْ عَن ذِكْرِ ٱللَّهِ وَعَنِ ٱلصَّلَوٰةِ ۖ فَهَلْ أَنتُم مُّنتَهُونَ ﴿٩١﴾

92. At sundin ninyo si Allah at ang Sugo (Muhammad), at maging maingat (at magkaroon ng pangangamba kay Allah). At kung kayo ay magsitalikod, inyong maalaman na ang tungkulin ng Aming Sugo ay maiparating

وَأَطِيعُوا۟ ٱللَّهَ وَأَطِيعُوا۟ ٱلرَّسُولَ وَٱحْذَرُوا۟ ۚ فَإِن تَوَلَّيْتُمْ فَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّمَا عَلَىٰ رَسُولِنَا ٱلْبَلَٰغُ ٱلْمُبِينُ ﴿٩٢﴾

lamang (ang Kapahayagan) sa pinakamaliwanag na paraan.

لَيْسَ عَلَى ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ جُنَاحٌ فِيمَا طَعِمُوٓا۟ إِذَا مَا ٱتَّقَوا۟ وَّءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ ثُمَّ ٱتَّقَوا۟ وَّءَامَنُوا۟ ثُمَّ ٱتَّقَوا۟ وَّأَحْسَنُوا۟ ۗ وَٱللَّهُ يُحِبُّ ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿٩٣﴾

93. At sa mga sumasampalataya at nagsisigawa ng kabutihan, hindi isang kasalanan kung anuman ang kanilang kinain (noong una, bago pa ito maipagbawal), kung sila ay nangamba (ngayon) kay Allah (sa pamamagitan nang paglayo sa mga bagay na Kanyang ipinagbabawal), at sumasampalataya (sa Kanya) at gumagawa ng kabutihan, at muli sila ay nangamba kay Allah at sumasampalataya (sa Kanya), at muli pa sila ay nangamba kay Allah at nagsigawa ng kabutihan na may *Ihsan* (lantay na gawa). At si Allah ay nagmamahal sa mga gumagawa ng kabutihan.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَيَبْلُوَنَّكُمُ ٱللَّهُ بِشَىْءٍ مِّنَ ٱلصَّيْدِ تَنَالُهُۥٓ أَيْدِيكُمْ وَرِمَاحُكُمْ لِيَعْلَمَ ٱللَّهُ مَن يَخَافُهُۥ بِٱلْغَيْبِ ۚ فَمَنِ ٱعْتَدَىٰ بَعْدَ ذَٰلِكَ فَلَهُۥ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٩٤﴾

94. O kayong nagsisisampalataya! Si Allah ay katiyakang magbibigay sa inyo ng pagsubok sa pamamagitan ng mga hayop na inyong hinuhuli (sa pangangaso), na darating nang malapit (sa inyo) na maaabot ng inyong mga kamay at mga sibat (habang kayo ay nasa kalagayan ng *Ihram* [kasuutang pangpilgrimahe), upang mapag-alaman ni Allah kung sino ang (tunay) na nangangamba sa Kanya kahit na (Siya) ay hindi (ninyo) nakikita. Kaya't sinuman ang lumabag makaraan ito (alalaong baga, siya ay gumawa ng pangangaso, matapos itong maipahayag), sasakanya ang kasakit-sakit na kaparusahan.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَقْتُلُوا۟ ٱلصَّيْدَ وَأَنتُمْ حُرُمٌ ۚ وَمَن قَتَلَهُۥ مِنكُم مُّتَعَمِّدًا فَجَزَآءٌ مِّثْلُ مَا قَتَلَ مِنَ ٱلنَّعَمِ يَحْكُمُ بِهِۦ ذَوَا عَدْلٍ مِّنكُمْ هَدْيًۢا بَٰلِغَ ٱلْكَعْبَةِ أَوْ كَفَّٰرَةٌ طَعَامُ مَسَٰكِينَ أَوْ عَدْلُ ذَٰلِكَ صِيَامًا لِّيَذُوقَ وَبَالَ أَمْرِهِۦ ۗ عَفَا ٱللَّهُ عَمَّا سَلَفَ ۚ وَمَنْ عَادَ فَيَنتَقِمُ ٱللَّهُ مِنْهُ ۗ وَٱللَّهُ عَزِيزٌ ذُو ٱنتِقَامٍ ﴿٩٥﴾

95. O kayong nagsisisampalataya! Huwag kayong pumatay ng mga hayop (sa pamamagitan ng pangangaso) habang kayo ay nasa kalagayan ng *Ihram* (sa *Hajj* o *Umra*), at sinuman ang pumatay nito ng may pananadya, ang kabayaran ay isang pag-aalay na dinala sa *Ka'ba*, ng isang maaaring kainin na hayop (tulad ng tupa, kambing, baka) na katumbas ng kanyang napatay, na pinagpasyahan ng dalawang makatarungang lalaki sa inyong lipon; o magbigay ng kabayaran (sa kasalanan); (ito ay) ang pagpapakain ng sampung mahirap o ang katumbas nito sa pag-aayuno, upang kanyang malasap ang kabigatan (ng parusa) ng kanyang gawa. Si Allah ay nagpatawad kung anuman ang

nakaraan (bago ito ipagbawal), at sinuman ang muling gumawa nito (matapos na ito ay ipagbawal), si Allah ay gaganti sa kanya. At si Allah ay Sukdol sa Kapangyarihan, ang nag-aangkin ng Pagganti (Pagpaparusa).

أُحِلَّ لَكُمْ صَيْدُ ٱلْبَحْرِ وَطَعَامُهُۥ مَتَٰعًا لَّكُمْ وَلِلسَّيَّارَةِ ۖ وَحُرِّمَ عَلَيْكُمْ صَيْدُ ٱلْبَرِّ مَا دُمْتُمْ حُرُمًا ۗ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ ٱلَّذِىٓ إِلَيْهِ تُحْشَرُونَ ﴿٩٦﴾

96. Pinahihintulutan sa inyo ang panghuhuli ng isda sa karagatan at ang kinakain nito para sa kapakinabangan ng inyong sarili at ng mga naglalakbay, datapuwa't ipinagbabawal sa inyo ang pangangaso ng hayop sa katihan habang kayo ay nasa kalagayan ng *Ihram* (sa *Hajj* o *Umra*). At (inyong) pangambahan si Allah, kayo sa Kanya ay muling titipunin.

جَعَلَ ٱللَّهُ ٱلْكَعْبَةَ ٱلْبَيْتَ ٱلْحَرَامَ قِيَٰمًا لِّلنَّاسِ وَٱلشَّهْرَ ٱلْحَرَامَ وَٱلْهَدْىَ وَٱلْقَلَٰٓئِدَ ۚ ذَٰلِكَ لِتَعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ يَعْلَمُ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ وَأَنَّ ٱللَّهَ بِكُلِّ شَىْءٍ عَلِيمٌ ﴿٩٧﴾

97. Si Allah ang gumawa ng *Ka'ba*, ang Sagradong Tahanan, bilang isang Kalinga (o kanlungan) ng kapanatagan at ng *Hajj* at *Umra* (Pilgrimahe) para sa sangkatauhan, at ng mga Banal na Buwan (ito ay ang buwan ng *Dhul Qaidah, Dhul Hijjah, Muharram* at *Rajab*) at ng mga hayop na *Hadi* (pang-alay sa *Hajj*) at ang mga itinalaga (inilaan) na mga hayop na minarkahan (sa pamamagitan) ng mga kulyar, upang inyong maalaman na si Allah ay nakababatid kung ano ang nasa kalangitan at kung ano ang nasa kalupaan, at si Allah ay Ganap na Nakakaalam ng lahat ng bagay.

ٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ شَدِيدُ ٱلْعِقَابِ وَأَنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٩٨﴾

98. Inyong maalaman na si Allah ay mahigpit sa kaparusahan at si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

مَّا عَلَى ٱلرَّسُولِ إِلَّا ٱلْبَلَٰغُ ۗ وَٱللَّهُ يَعْلَمُ مَا تُبْدُونَ وَمَا تَكْتُمُونَ ﴿٩٩﴾

99. Ang katungkulan ng Sugo (Muhammad) ay upang maiparating lamang (ang Kapahayagan). At si Allah ang nakakaalam ng lahat ng inyong inilalantad at lahat ng inyong inililingid.

قُل لَّا يَسْتَوِى ٱلْخَبِيثُ وَٱلطَّيِّبُ وَلَوْ أَعْجَبَكَ كَثْرَةُ ٱلْخَبِيثِ ۚ فَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ يَٰٓأُو۟لِى ٱلْأَلْبَٰبِ لَعَلَّكُمْ تُفْلِحُونَ ﴿١٠٠﴾

100. Ipagbadya (O Muhammad): "Hindi magkatulad ang masama at mabuti (hinggil sa lahat ng mga bagay, gawa, paniniwala, tao, pagkain, atbp.), kahima't ang karamihan ng kasamaan ay makaganyak sa inyo." Kaya't lubos ninyong pangambahan si Allah (umiwas sa lahat ng uri ng kasalanan at kasamaan na Kanyang ipinagbawal at magsagawa ng lahat ng uri ng kabutihan na Kanyang ipinag-utos), O kayong

mga tao na may pang-unawa upang kayo ay magsipagtagumpay.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَسْـَٔلُوا۟ عَنْ أَشْيَآءَ إِن تُبْدَ لَكُمْ تَسُؤْكُمْ ۖ وَإِن تَسْـَٔلُوا۟ عَنْهَا حِينَ يُنَزَّلُ ٱلْقُرْءَانُ تُبْدَ لَكُمْ ۚ عَفَا ٱللَّهُ عَنْهَا ۗ وَٱللَّهُ غَفُورٌ حَلِيمٌ ﴿١٠١﴾

101. O kayong nagsisisampalataya! Huwag kayong magtanong sa mga bagay na kung (ito ay) ipinaliwanag sa inyo ay magbibigay sa inyo ng kaguluhan. Datapuwa't kung kayo ay magtatanong tungkol dito habang ang Qur'an ay ipinahahayag, ito ay gagawin na maging maliwanag sa inyo. Si Allah ang nagpatawad sa mga ito, at si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamapagpaumanhin.

قَدْ سَأَلَهَا قَوْمٌ مِّن قَبْلِكُمْ ثُمَّ أَصْبَحُوا۟ بِهَا كَٰفِرِينَ ﴿١٠٢﴾

102. Noong una pa sa inyo, isang pamayanan ang nagtanong ng gayong mga tanong, at dahilan sa gayong pangyayari, sila ay naging hindi mananampalataya.

مَا جَعَلَ ٱللَّهُ مِنۢ بَحِيرَةٍ وَلَا سَآئِبَةٍ وَلَا وَصِيلَةٍ وَلَا حَامٍ ۙ وَلَٰكِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ يَفْتَرُونَ عَلَى ٱللَّهِ ٱلْكَذِبَ ۖ وَأَكْثَرُهُمْ لَا يَعْقِلُونَ ﴿١٠٣﴾

103. Si Allah ay hindi nag-utos na ang kamelyo (o kauri nitong hayop) ay ialay sa mga imahen (diyus-diyosan), kahit ito ay *Bahira* o *Saibah* o *Wasilah* o *Haam*,[22] (ito ay isinasagawa ng mga paganong Arabo bago pa dumating ang Islam sa kanila). Datapuwa't ang mga hindi sumasampalataya ay kumakatha ng mga kasinungalingan laban kay Allah, at ang karamihan sa kanila ay walang pang-unawa.

وَإِذَا قِيلَ لَهُمْ تَعَالَوْا۟ إِلَىٰ مَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ وَإِلَى ٱلرَّسُولِ قَالُوا۟ حَسْبُنَا مَا وَجَدْنَا عَلَيْهِ ءَابَآءَنَآ ۚ أَوَلَوْ كَانَ ءَابَآؤُهُمْ لَا يَعْلَمُونَ شَيْـًٔا وَلَا يَهْتَدُونَ ﴿١٠٤﴾

104. At kung ipinagbadya sa kanila: "Halina kayo sa mga ipinahayag ni Allah at sa Kanyang Sugo (Muhammad)." Sila ay nagsasabi: "Sapat na sa amin ang gayong bagay na nakita naming sinusunod ng aming mga ninuno", kahima't ang kanilang mga ninuno ay walang kaalaman at walang patnubay.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ عَلَيْكُمْ أَنفُسَكُمْ ۖ لَا يَضُرُّكُم مَّن ضَلَّ إِذَا ٱهْتَدَيْتُمْ ۚ إِلَى ٱللَّهِ مَرْجِعُكُمْ جَمِيعًا فَيُنَبِّئُكُم بِمَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿١٠٥﴾

105. O kayong nagsisisampalataya! Pangalagaan ninyo ang inyong sarili (gumawa ng kabutihan at umiwas sa lahat ng uri ng kasamaan). Kung kayo ay sumusunod sa tamang patnubay, walang anumang kapinsalaan ang daratal sa inyo mula sa kanila na nasa kamalian. Ang pagbabalik ninyong lahat ay kay Allah, at

[22] Ito ang mga kategorya ng mga piling kamelyo na iniaalay sa mga imahen (diyus-diyosan) at malaya na manginain sa pastulan, na hindi ginagamit upang maglingkod sa pangangailangan ng tao.

sa inyo ay ipapaalam Niya ang hinggil sa lahat ninyong ginawa.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ شَهَٰدَةُ بَيْنِكُمْ إِذَا حَضَرَ أَحَدَكُمُ ٱلْمَوْتُ حِينَ ٱلْوَصِيَّةِ ٱثْنَانِ ذَوَا عَدْلٍ مِّنكُمْ أَوْ ءَاخَرَانِ مِنْ غَيْرِكُمْ إِنْ أَنتُمْ ضَرَبْتُمْ فِى ٱلْأَرْضِ فَأَصَٰبَتْكُم مُّصِيبَةُ ٱلْمَوْتِ ۚ تَحْبِسُونَهُمَا مِنۢ بَعْدِ ٱلصَّلَوٰةِ فَيُقْسِمَانِ بِٱللَّهِ إِنِ ٱرْتَبْتُمْ لَا نَشْتَرِى بِهِۦ ثَمَنًا وَلَوْ كَانَ ذَا قُرْبَىٰ ۖ وَلَا نَكْتُمُ شَهَٰدَةَ ٱللَّهِ إِنَّآ إِذًا لَّمِنَ ٱلْـَٔاثِمِينَ ﴿١٠٦﴾

106. O kayong nagsisisampalataya! Kung ang kamatayan ay (nalalapit nang) dumatal sa inyo at kayo ay gumawa ng *Wasiyah* (testamento ng pagpapamana o huling habiling-yaman), kung gayon, kayo ay kumuha ng pagpapatibay ng dalawang matuwid na lalaki mula sa lipon ninyo (mga Muslim), o ng dalawang iba (hindi mga Muslim) mula sa labas (kung kinakailangan), kung kayo ay naglalakbay sa kalupaan at ang sakuna ng kamatayan ay sumapit sa inyo. Sila ay kapwa pigilan matapos ang pagdarasal, (at pagkaraan) kung kayo ay may pag-aalinlangan (sa kanilang katapatan), hayaan sila na kapwa manumpa kay Allah (na nagsasabi): "Kami ay hindi naghahangad ng anumang makamundong pakinabang dito, kahima't siya (ang pinamanahan) ay aming malapit na kamag-anak. Hindi namin ililingid ang pahayag (na iniutos) ni Allah, sapagkat kung magkagayon, kami ay mapapabilang sa mga makasalanan."

فَإِنْ عُثِرَ عَلَىٰٓ أَنَّهُمَا ٱسْتَحَقَّآ إِثْمًا فَـَٔاخَرَانِ يَقُومَانِ مَقَامَهُمَا مِنَ ٱلَّذِينَ ٱسْتَحَقَّ عَلَيْهِمُ ٱلْأَوْلَيَٰنِ فَيُقْسِمَانِ بِٱللَّهِ لَشَهَٰدَتُنَآ أَحَقُّ مِن شَهَٰدَتِهِمَا وَمَا ٱعْتَدَيْنَآ ۖ إِنَّآ إِذًا لَّمِنَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿١٠٧﴾

107. At kung (sakaling) ang dalawang ito ay mapag-alaman na napatunayang may pagkakasala (alalaong baga, silang dalawa ay nagsinungaling), hayaan ang dalawang iba pang saksi mula sa lipon ng mga kamag-anak ay tumindig sa halip nila, at manumpa kay Allah (na nagsasabi): "Kami ay nagpapatibay na ang aming pahayag ay higit na matapat sa kanilang dalawa, at kami ay hindi nagsilabag (sa katotohanan), sapagkat katiyakang (kung magkakagayon) kami ay magiging tampalasan (hindi magiging makatarungan)."

ذَٰلِكَ أَدْنَىٰٓ أَن يَأْتُواْ بِٱلشَّهَٰدَةِ عَلَىٰ وَجْهِهَآ أَوْ يَخَافُوٓاْ أَن تُرَدَّ أَيْمَٰنٌۢ بَعْدَ أَيْمَٰنِهِمْ ۗ وَٱتَّقُواْ ٱللَّهَ وَٱسْمَعُواْ ۗ وَٱللَّهُ لَا يَهْدِى ٱلْقَوْمَ ٱلْفَٰسِقِينَ ﴿١٠٨﴾

108. Ito ay higit na kikiling na sila ay magbigay ng kanilang pagsaksi nang ayon sa (tunay) nitong layunin, o (di kaya), sila ay mangangamba na ang iba pang pagsumpa ay maaaring kunin bilang karagdagan (patotoo) sa kanilang pagsumpa. At inyong pangambahan si Allah at makinig (tumalima sa Kanya). At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na *Fasiqun* (mga mapaghimagsik at palasuway).

۞ يَوْمَ يَجْمَعُ ٱللَّهُ ٱلرُّسُلَ فَيَقُولُ مَاذَآ أُجِبْتُمْ ۖ قَالُوا۟ لَا عِلْمَ لَنَآ ۖ إِنَّكَ أَنتَ عَلَّٰمُ ٱلْغُيُوبِ ﴿١٠٩﴾

109. (Alalahanin, O sangkatauhan), sa Araw na titipunin ni Allah ang mga Sugo nang sama-sama at ipagsasaysay sa kanila: "Ano ang tugon na inyong tinanggap (mula sa mga tao na inyong pinangaralan ng Pananampalataya sa Kaisahan ni Allah)?" Sila ay magsasabi: "Kami ay walang kaalaman (kung ano ang kanilang ginawa makalipas ang aming panahon), katotohanang Kayo ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ng mga bagay na nakalingid".

إِذْ قَالَ ٱللَّهُ يَٰعِيسَى ٱبْنَ مَرْيَمَ ٱذْكُرْ نِعْمَتِى عَلَيْكَ وَعَلَىٰ وَٰلِدَتِكَ ۘ إِذْ أَيَّدتُّكَ بِرُوحِ ٱلْقُدُسِ ۖ تُكَلِّمُ ٱلنَّاسَ فِى ٱلْمَهْدِ وَكَهْلًا ۖ وَإِذْ عَلَّمْتُكَ ٱلْكِتَٰبَ وَٱلْحِكْمَةَ وَٱلتَّوْرَىٰةَ وَٱلْإِنجِيلَ ۖ وَإِذْ تَخْلُقُ مِنَ ٱلطِّينِ كَهَيْـَٔةِ ٱلطَّيْرِ بِإِذْنِى فَتَنفُخُ فِيهَا فَتَكُونُ طَيْرًۢا بِإِذْنِى ۖ وَتُبْرِئُ ٱلْأَكْمَهَ وَٱلْأَبْرَصَ بِإِذْنِى ۖ وَإِذْ تُخْرِجُ ٱلْمَوْتَىٰ بِإِذْنِى ۖ وَإِذْ كَفَفْتُ بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ عَنكَ إِذْ جِئْتَهُم بِٱلْبَيِّنَٰتِ فَقَالَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِنْهُمْ إِنْ هَٰذَآ إِلَّا سِحْرٌ مُّبِينٌ ﴿١١٠﴾

110. (At alalahanin) kung si Allah ay magwiwika (sa Araw ng Muling Pagkabuhay): "O Hesus na anak ni Maria! Iyong alalahanin ang Aking kagandahang-loob sa iyo at sa iyong ina nang ikaw ay Aking patatagin (sa pamamagitan) ng *Ruh al-Qudus* (Anghel Gabriel) upang ikaw ay makapangusap sa mga tao mula sa iyong duyan at (makapag-anyaya sa kanila) sa iyong paglaki (hustong gulang). At alalahanin nang ikaw ay Aking tinuruan ng pagsulat, ng *Al-Hikmah* (ang kapangyarihan ng pang-unawa at karunungan), ng *Torah* (mga Batas) at ng *Injil* (Ebanghelyo); at (alalahanin) nang iyong gawin mula sa malagkit na putik ang kasintulad sa hugis ng isang ibon, sa Aking kapahintulutan, at hiningahan (hinipan) mo ito, at ito ay naging ibon sa Aking kapahintulutan, at iyong pinagaling ang mga bulag, at ang mga ketongin sa Aking kapahintulutan; at (alalahanin) nang iyong ibalik ang malay ng patay (buhayin o pabangunin) sa Aking kapahintulutan; at nang Aking pigilan ang Angkan ng Israel tungo sa iyo (nang sila ay magkaisa na ikaw ay patayin); nang ikaw ay dumatal sa kanila na may maliliwanag na katibayan, at ang mga hindi sumasampalataya sa lipon nila ay nagsabi: "Ito ay wala ng iba kundi isang malinaw na salamangka."

وَإِذْ أَوْحَيْتُ إِلَى ٱلْحَوَارِيِّـۧنَ أَنْ ءَامِنُوا۟ بِى وَبِرَسُولِى ۖ قَالُوٓا۟ ءَامَنَّا ۖ وَٱشْهَدْ بِأَنَّنَا مُسْلِمُونَ ﴿١١١﴾

111. At nang Aking (Allah) ipagkaloob sa puso ng *Hawariyyun* (mga disipulo) na manampalataya sa Akin at (maniwala) sa Aking Sugo (Hesus), sila ay nagsabi: "Kami ay sumampalataya (sa Inyo). At (Kayo) ay maging

saksi na kami ay tumatalima (mga Muslim)."

إِذْ قَالَ ٱلْحَوَارِيُّونَ يَٰعِيسَى ٱبْنَ مَرْيَمَ هَلْ يَسْتَطِيعُ رَبُّكَ أَن يُنَزِّلَ عَلَيْنَا مَآئِدَةً مِّنَ ٱلسَّمَآءِ ۖ قَالَ ٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ﴿١١٢﴾

112. (Alalahanin) nang ang mga Disipulo ay nagsabi: "O Hesus na anak ni Maria! Maaari bang ang iyong Panginoon ay magpapanaog sa amin ng isang Dulang (na may pagkain) mula sa langit?" Si Hesus ay nagbadya: "Pangambahan ninyo si Allah kung kayo ay tunay na sumasampalataya."

قَالُوا۟ نُرِيدُ أَن نَّأْكُلَ مِنْهَا وَتَطْمَئِنَّ قُلُوبُنَا وَنَعْلَمَ أَن قَدْ صَدَقْتَنَا وَنَكُونَ عَلَيْهَا مِنَ ٱلشَّٰهِدِينَ ﴿١١٣﴾

113. Sila ay nagsabi: "Kami ay nagnanais na kumain dito (sa Dulang na may pagkain), at upang maging matatag ang aming Pananalig (kapag namasdan namin ito), at upang aming maalaman na katiyakang ikaw ay nagsabi sa amin ng katotohanan at kami sa aming sarili ay maging mga saksi."

قَالَ عِيسَى ٱبْنُ مَرْيَمَ ٱللَّهُمَّ رَبَّنَآ أَنزِلْ عَلَيْنَا مَآئِدَةً مِّنَ ٱلسَّمَآءِ تَكُونُ لَنَا عِيدًا لِّأَوَّلِنَا وَءَاخِرِنَا وَءَايَةً مِّنكَ ۖ وَٱرْزُقْنَا وَأَنتَ خَيْرُ ٱلرَّٰزِقِينَ ﴿١١٤﴾

114. Si Hesus na anak ni Maria ay nanikluhod: "O Allah, aming Panginoon! Ipadala Ninyo sa amin mula sa langit ang isang Dulang (na may pagkain) upang maging isang pagdiriwang para sa una at huli sa amin (alalaong baga, aming ituturing ang araw na yaon nang ipinanaog ang dulang bilang araw ng pagdiriwang, upang kami at yaong mga susunod pagkatapos namin ay magturing nito na isang sagrado) at isang Tanda mula sa Inyo; at pagkalooban Ninyo kami (O Allah) ng ikabubuhay, sapagkat Kayo ang Pinakamahusay sa mga Tagapagtustos."

قَالَ ٱللَّهُ إِنِّى مُنَزِّلُهَا عَلَيْكُمْ ۖ فَمَن يَكْفُرْ بَعْدُ مِنكُمْ فَإِنِّىٓ أُعَذِّبُهُۥ عَذَابًا لَّآ أُعَذِّبُهُۥٓ أَحَدًا مِّنَ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿١١٥﴾

115. Si Allah ay nagwika: "Ako ay magpapanaog nito sa inyo, datapuwa't sinuman sa inyo makaraan nito ang bumalik sa kawalan ng pananampalataya, kung gayon, siya ay Aking parurusahan ng isang kaparusahan na hindi Ko pa nagawa sa sinuman sa lahat ng mga nilalang."

وَإِذْ قَالَ ٱللَّهُ يَٰعِيسَى ٱبْنَ مَرْيَمَ ءَأَنتَ قُلْتَ لِلنَّاسِ ٱتَّخِذُونِى وَأُمِّىَ إِلَٰهَيْنِ مِن دُونِ ٱللَّهِ ۖ قَالَ سُبْحَٰنَكَ مَا يَكُونُ لِىٓ أَنْ أَقُولَ مَا لَيْسَ لِى بِحَقٍّ ۚ إِن كُنتُ قُلْتُهُۥ فَقَدْ عَلِمْتَهُۥ ۚ تَعْلَمُ مَا فِى نَفْسِى وَلَآ أَعْلَمُ مَا فِى نَفْسِكَ ۚ إِنَّكَ أَنتَ عَلَّٰمُ ٱلْغُيُوبِ ﴿١١٦﴾

116. At (alalahanin) kung si Allah ay magwiwika (sa Araw ng Muling Pagkabuhay): "O Hesus na anak ni Maria! Iyo bang ipinahayag sa mga tao: "(Na) sambahin ako (Hesus) at ang aking ina (Maria) bilang dalawang diyos bukod pa kay Allah?" Siya (Hesus) ay magsasabi: "Luwalhatiin Kayo! Hindi isang katampatan sa akin ang magsabi ng

isang bagay na wala akong karapatan (na magsabi). Kung aking binigkas ang gayong bagay, katotohanang ito ay Inyong mababatid. Talos Ninyo kung ano ang nasa aking kalooban datapuwa't hindi ko nalalaman ang nasa Inyong (Kalooban), katotohanang Kayo lamang ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ng nakalingid."

مَا قُلْتُ لَهُمْ إِلَّا مَآ أَمَرْتَنِي بِهِۦٓ أَنِ ٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ رَبِّى وَرَبَّكُمْ ۚ وَكُنتُ عَلَيْهِمْ شَهِيدًا مَّا دُمْتُ فِيهِمْ ۖ فَلَمَّا تَوَفَّيْتَنِى كُنتَ أَنتَ ٱلرَّقِيبَ عَلَيْهِمْ ۚ وَأَنتَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ شَهِيدٌ ﴿١١٧﴾

117. Kailanman ay hindi ako nangusap sa kanila, maliban lamang kung ano ang Inyong ipinag-utos sa akin na sabihin: "Sambahin ninyo si Allah, ang aking Panginoon at inyong Panginoon," at ako ay isang saksi sa kanila habang ako ay (nabubuhay) na nasa kanilang lipon, datapuwa't nang ako ay Inyong kaunin, kayo ang Tagamasid sa kanila, at Kayo ang Saksi sa lahat ng bagay. (*Ito ay isang dakilang paala-ala at isang babala sa mga Kristiyano sa buong mundo*).

إِن تُعَذِّبْهُمْ فَإِنَّهُمْ عِبَادُكَ ۖ وَإِن تَغْفِرْ لَهُمْ فَإِنَّكَ أَنتَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿١١٨﴾

118. Kung sila ay Inyong parurusahan, sila ay Inyong mga alipin, at kung sila ay Inyong patatawarin, katotohanang Kayo lamang ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

قَالَ ٱللَّهُ هَٰذَا يَوْمُ يَنفَعُ ٱلصَّٰدِقِينَ صِدْقُهُمْ ۚ لَهُمْ جَنَّٰتٌ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَآ أَبَدًا ۚ رَّضِىَ ٱللَّهُ عَنْهُمْ وَرَضُوا۟ عَنْهُ ۚ ذَٰلِكَ ٱلْفَوْزُ ٱلْعَظِيمُ ﴿١١٩﴾

119. Si Allah ay magwiwika: "Ito ang Araw (ang Araw ng Paghuhukom) na ang mga matatapat (sa kanilang pananampalataya sa Kaisahan ni Allah) ay makikinabang sa kanilang katapatan; sasakanila ang mga Halamanan (Paraiso) na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy, sila ay mananahan dito magpakailanman. Si Allah ay nalulugod sa kanila at sila ay nalulugod sa Kanya. Ito ang dakilang tagumpay.

لِلَّهِ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَمَا فِيهِنَّ ۚ وَهُوَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿١٢٠﴾

120. Si Allah ang nag-aangkin ng kapamahalaan sa kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito, at Siya ay may Kapangyarihan na gawin ang lahat ng bagay.

Surah 6

Surat Al-An'am
(Ang Bakahan)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay kay Allah, Siya (ang Tanging Isa) na lumikha ng mga kalangitan at kalupaan, at gumawa ng kadiliman at liwanag, datapuwa't ang mga hindi sumasampalataya ay nagturing sa iba pa bilang kapantay ng kanilang Panginoon.

ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ ٱلَّذِى خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ وَجَعَلَ ٱلظُّلُمَٰتِ وَٱلنُّورَ ۖ ثُمَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ بِرَبِّهِمْ يَعْدِلُونَ ﴿١﴾

2. Siya ang lumikha sa inyo mula sa malagkit na putik, at pagkatapos ay nagtakda ng isang natataningang panahon (para sa inyong kamatayan). At mayroon ding nasasa-Kanya na isang natataningang panahon (para sa inyong muling pagkabuhay), at matapos, kayo ay nag-aalinlangan (sa Muling Pagkabuhay).

هُوَ ٱلَّذِى خَلَقَكُم مِّن طِينٍ ثُمَّ قَضَىٰٓ أَجَلًا ۖ وَأَجَلٌ مُّسَمًّى عِندَهُۥ ۖ ثُمَّ أَنتُمْ تَمْتَرُونَ ﴿٢﴾

3. At Siya si Allah, (ang tanging dapat na sambahin lamang) sa mga kalangitan at kalupaan, talastas Niya kung ano ang inyong inililingid at inyong inilalantad, at batid Niya kung ano ang inyong ginagawa (mabuti man o masama).

وَهُوَ ٱللَّهُ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَفِى ٱلْأَرْضِ ۖ يَعْلَمُ سِرَّكُمْ وَجَهْرَكُمْ وَيَعْلَمُ مَا تَكْسِبُونَ ﴿٣﴾

4. At hindi kailanman ang isang *Ayah* (tanda) ay dumatal sa kanila mula sa *Ayat* (mga katibayan, talata, tanda, kapahayagan, atbp.) ng kanilang Panginoon, na hindi nila ito tinalikuran.

وَمَا تَأْتِيهِم مِّنْ ءَايَةٍ مِّنْ ءَايَٰتِ رَبِّهِمْ إِلَّا كَانُوا۟ عَنْهَا مُعْرِضِينَ ﴿٤﴾

5. Katotohanan na kanilang itinakwil ang Katotohanan (ang Qur'an at si Propeta Muhammad) nang ito ay dumatal sa kanila, datapuwa't tiyak na mapag-aalaman nila ang katotohanan ng kanilang mga tinutuya at pinagtatawanan.

فَقَدْ كَذَّبُوا۟ بِٱلْحَقِّ لَمَّا جَآءَهُمْ ۖ فَسَوْفَ يَأْتِيهِمْ أَنۢبَٰٓؤُا۟ مَا كَانُوا۟ بِهِۦ يَسْتَهْزِءُونَ ﴿٥﴾

6. Hindi baga nila napagmasdan (napag-

أَلَمْ يَرَوْا۟ كَمْ أَهْلَكْنَا مِن قَبْلِهِم مِّن قَرْنٍ مَّكَّنَّٰهُمْ فِى

alaman) kung gaano karaming henerasyon (mga bansa) na una pa sa kanila ang Aming winasak? Mga henerasyon na Aming itinindig sa kalupaan (na may katatagan), na hindi Namin iginawad sa inyo. Sa kanila ay Aming pinamalisbis ang saganang ulan mula sa alapaap, at nagbigay sa kanila ng mga ilog na umaagos (patungo) sa kanilang mga tahanan. Datapuwa't sila ay Aming winasak dahilan sa kanilang mga kasalanan, at Kami ay lumikha pagkaraan nila ng ibang mga henerasyon.

أَلَمْ يَرَوْا۟ كَمْ أَهْلَكْنَا مِن قَبْلِهِم مِّن قَرْنٍ مَّكَّنَّٰهُمْ فِى ٱلْأَرْضِ مَا لَمْ نُمَكِّن لَّكُمْ وَأَرْسَلْنَا ٱلسَّمَآءَ عَلَيْهِم مِّدْرَارًا وَجَعَلْنَا ٱلْأَنْهَٰرَ تَجْرِى مِن تَحْتِهِمْ فَأَهْلَكْنَٰهُم بِذُنُوبِهِمْ وَأَنشَأْنَا مِنۢ بَعْدِهِمْ قَرْنًا ءَاخَرِينَ ﴿٦﴾

7. At kahit na ipanaog Namin sa iyo (O Muhammad) ang isang Aklat (Mensahe) na nasusulat sa papel upang ito ay mahipo ng kanilang mga kamay, ang mga hindi sumasampalataya ay tiyak na magsasabi: "Ito ay wala ng iba maliban sa isang salamangka!"

وَلَوْ نَزَّلْنَا عَلَيْكَ كِتَٰبًا فِى قِرْطَاسٍ فَلَمَسُوهُ بِأَيْدِيهِمْ لَقَالَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ إِنْ هَٰذَآ إِلَّا سِحْرٌ مُّبِينٌ ﴿٧﴾

8. At sila ay nagsasabi: "Bakit kaya ang isang anghel ay hindi ipinadala sa kanya (upang magpatotoo sa kanya)?" At kung Kami ay nagsugo ng isang anghel, ang pangyayari (o ang pagwasak sa kanila) ay mapagpapasyahan ngayon din, at walang palugit ang igagawad sa kanila.

وَقَالُوا۟ لَوْلَآ أُنزِلَ عَلَيْهِ مَلَكٌ ۖ وَلَوْ أَنزَلْنَا مَلَكًا لَّقُضِىَ ٱلْأَمْرُ ثُمَّ لَا يُنظَرُونَ ﴿٨﴾

9. At kung Kami ay magsugo sa kanila ng isang anghel, gagawin Namin siya (na mag-anyo bilang) isang tao, at sa gayon, higit pa silang mag-aalinlangan sa kanya (alalaong baga, lalo lamang silang malilito sa Mensahe ni Propeta Muhammad kung saan sila ay nagkaroon na ng kalituhan. Masasabi nila na: "Ninanais namin na makakita ng isang anghel, ngunit ang aming nakita ay isang tao lamang!").

وَلَوْ جَعَلْنَٰهُ مَلَكًا لَّجَعَلْنَٰهُ رَجُلًا وَلَلَبَسْنَا عَلَيْهِم مَّا يَلْبِسُونَ ﴿٩﴾

10. At katotohanan, (marami) nang mga Sugo ang tinuya at pinagtawanan nang una pa sa iyo, datapuwa't ang kanilang manunudyo ay napapaligiran ng pinakatampok na bagay (kaparusahan) na kanilang pinagtatawanan.

وَلَقَدِ ٱسْتُهْزِئَ بِرُسُلٍ مِّن قَبْلِكَ فَحَاقَ بِٱلَّذِينَ سَخِرُوا۟ مِنْهُم مَّا كَانُوا۟ بِهِۦ يَسْتَهْزِءُونَ ﴿١٠﴾

11. Ipagbadya (O Muhammad): "Magsipaglakbay kayo sa kalupaan at inyong malasin kung ano ang kinahinatnan ng mga nagsipagtakwil ng Katotohanan."

قُلْ سِيرُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ ثُمَّ ٱنظُرُوا۟ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلْمُكَذِّبِينَ ﴿١١﴾

قُل لِّمَن مَّا فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ قُل لِّلَّهِ ۚ كَتَبَ عَلَىٰ نَفْسِهِ ٱلرَّحْمَةَ ۚ لَيَجْمَعَنَّكُمْ إِلَىٰ يَوْمِ ٱلْقِيَٰمَةِ لَا رَيْبَ فِيهِ ۚ ٱلَّذِينَ خَسِرُوٓا۟ أَنفُسَهُمْ فَهُمْ لَا يُؤْمِنُونَ ﴿١٢﴾

12. Ipagbadya (O Muhammad): "Sino baga kaya ang nag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at kalupaan?" Ipagbadya: "Si Allah. Kanyang itinalaga sa Kanyang Sarili (ang batas) ng Habag. Katotohanang kayo ay titipunin Niya nang sama-sama sa Araw ng Muling Pagkabuhay ng walang alinlangan. Ang mga nagwawasak sa kanilang sarili ay hindi mananampalataya.

۞ وَلَهُۥ مَا سَكَنَ فِي ٱلَّيْلِ وَٱلنَّهَارِ ۚ وَهُوَ ٱلسَّمِيعُ ٱلْعَلِيمُ ﴿١٣﴾

13. At Siya ang nag-aangkin ng anumang nananatili (namamahinga o nahihimlay) sa gabi at araw, at Siya ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam."

قُلْ أَغَيْرَ ٱللَّهِ أَتَّخِذُ وَلِيًّا فَاطِرِ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَهُوَ يُطْعِمُ وَلَا يُطْعَمُ ۗ قُلْ إِنِّيٓ أُمِرْتُ أَنْ أَكُونَ أَوَّلَ مَنْ أَسْلَمَ ۖ وَلَا تَكُونَنَّ مِنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿١٤﴾

14. Ipagbadya (O Muhammad): "Akin bagang tatangkilikin bilang isang *wali* (panginoon, tagapangalaga) ang iba pa maliban kay Allah, ang Lumikha ng mga kalangitan at kalupaan? At Siya ang nagbibigay ng ikabubuhay na pagkain, datapuwa't Siya ay hindi nangangailangan upang pakainin." Ipagbadya: "Katotohanang ako ay pinag-utusan na manguna sa mga nagsusuko ng kanilang sarili kay Allah (bilang mga Muslim)." At ikaw (O Muhammad) ay huwag mapabilang sa lipon ng *Mushrikun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah).

قُلْ إِنِّيٓ أَخَافُ إِنْ عَصَيْتُ رَبِّي عَذَابَ يَوْمٍ عَظِيمٍ ﴿١٥﴾

15. Ipagbadya: "Ako ay natatakot sa kaparusahan ng Dakilang Araw (ang Araw ng Muling Pagkabuhay), kung aking susuwayin ang aking Panginoon."

مَّن يُصْرَفْ عَنْهُ يَوْمَئِذٍ فَقَدْ رَحِمَهُ ۚ وَذَٰلِكَ ٱلْفَوْزُ ٱلْمُبِينُ ﴿١٦﴾

16. Sinuman ang hindi maparusahan sa Araw na yaon, tunay ngang siya ay pinagpala (ni Allah), at ito ang Malinaw na Tagumpay.

وَإِن يَمْسَسْكَ ٱللَّهُ بِضُرٍّ فَلَا كَاشِفَ لَهُۥٓ إِلَّا هُوَ ۖ وَإِن يَمْسَسْكَ بِخَيْرٍ فَهُوَ عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ ﴿١٧﴾

17. At kung si Allah ay magkaloob sa iyo ng kapinsalaan, walang sinuman ang makapag-aalis nito maliban sa Kanya, at kung naisin Niya na gawaran kayo ng mabuti, kung gayon, Siya ay makagagawa ng lahat ng bagay.

وَهُوَ ٱلْقَاهِرُ فَوْقَ عِبَادِهِۦ ۚ وَهُوَ ٱلْحَكِيمُ ٱلْخَبِيرُ ﴿١٨﴾

18. At Siya ay hindi Matututulan, ang higit na Mataas sa Kanyang mga alipin, at Siya ay Tigib ng Karunungan, ang Ganap na Nakakaalam sa lahat ng bagay.

قُلْ أَىُّ شَيْءٍ أَكْبَرُ شَهَٰدَةً ۖ قُلِ ٱللَّهُ ۖ شَهِيدٌۢ بَيْنِي

19. Ipagbadya (O Muhammad): "Anong

pagsaksi ang higit na may halaga sa katibayan?" Ipagbadya: "Si Allah (ang Pinakadakila!) ay Saksi sa pagitan natin (kayo at ako); ang Qur'an na ito ay ipinahayag sa akin upang kayo ay aking mabigyan ng babala at sa kaninuman na daratnan nito. Kayo ba ay katotohanang magbibigay-patotoo, na maliban pa kay Allah ay may iba pang diyos? Ipagbadya: "Ako ay hindi sumasaksi (sa inyong pinaniniwalaang diyos)!" Ipagbadya: "Katotohanan, Siya (Allah) ang tanging nag-iisang Diyos. At katotohanang ako ay walang kaalaman sa anumang itinatambal ninyo sa pagsamba sa Kanya."

وَبَيْنَكُمْ ۚ وَأُوحِيَ إِلَيَّ هَٰذَا ٱلْقُرْءَانُ لِأُنذِرَكُم بِهِۦ وَمَنۢ بَلَغَ ۚ أَئِنَّكُمْ لَتَشْهَدُونَ أَنَّ مَعَ ٱللَّهِ ءَالِهَةً أُخْرَىٰ ۚ قُل لَّآ أَشْهَدُ ۚ قُلْ إِنَّمَا هُوَ إِلَٰهٌ وَٰحِدٌ وَإِنَّنِى بَرِىٓءٌ مِّمَّا تُشْرِكُونَ ﴿١٩﴾

20. Sila na Aming pinagkalooban ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ay nakakakilala sa kanya (alalaong baga, kay Muhammad bilang isang Sugo, dahil nabanggit sa *Torah* [mga Batas] ang kanyang pagdatal), na kagaya ng pagkakilala nila sa kanilang mga anak. Ang mga nagwawasak sa kanilang sarili ay hindi mananampalataya.

ٱلَّذِينَ ءَاتَيْنَٰهُمُ ٱلْكِتَٰبَ يَعْرِفُونَهُۥ كَمَا يَعْرِفُونَ أَبْنَآءَهُمُ ۘ ٱلَّذِينَ خَسِرُوٓا۟ أَنفُسَهُمْ فَهُمْ لَا يُؤْمِنُونَ ﴿٢٠﴾

21. At sino pa kaya ang higit na gumagawa ng kamalian maliban sa kanya na kumakatha ng kasinungalingan laban kay Allah o nagtatakwil ng Kanyang *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, talata, atbp.). Katotohanan, ang *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian) ay hindi kailanman magtatagumpay.

وَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّنِ ٱفْتَرَىٰ عَلَى ٱللَّهِ كَذِبًا أَوْ كَذَّبَ بِـَٔايَٰتِهِۦٓ ۚ إِنَّهُۥ لَا يُفْلِحُ ٱلظَّٰلِمُونَ ﴿٢١﴾

22. At sa Araw (ang Muling Pagkabuhay) na sila ay Aming titipunin nang sama-sama, Aming wiwikain sa kanila na gumagawa ng *Shirk* (pagtatambal ng iba pang diyos sa pagsamba kay Allah): "Nasaan ang inyong mga sinasamba na inyong ipinaggigiitan (bilang mga katambal sa pagsamba kay Allah)?"

وَيَوْمَ نَحْشُرُهُمْ جَمِيعًا ثُمَّ نَقُولُ لِلَّذِينَ أَشْرَكُوٓا۟ أَيْنَ شُرَكَآؤُكُمُ ٱلَّذِينَ كُنتُمْ تَزْعُمُونَ ﴿٢٢﴾

23. Sa gayon, wala na silang anumang dahilan (o pangungusap), maliban sa sila ay magsasabi: "(Saksi) si Allah (na) aming Panginoon, kailanman ay hindi kami nag-akibat sa Inyo ng anumang diyos".

ثُمَّ لَمْ تَكُن فِتْنَتُهُمْ إِلَّآ أَن قَالُوا۟ وَٱللَّهِ رَبِّنَا مَا كُنَّا مُشْرِكِينَ ﴿٢٣﴾

24. Pagmalasin! Kung paano sila

ٱنظُرْ كَيْفَ كَذَبُوا۟ عَلَىٰٓ أَنفُسِهِمْ ۖ وَضَلَّ عَنْهُم مَّا

nagsinungaling laban sa kanilang sarili! At (ang kabulaanan) na kanilang kinatha ay maglalaho sa kanila.

كَانُوا۟ يَفْتَرُونَ ﴿٢٤﴾

25. At sa lipon nila ay may nakikinig (ng Qur'an mula) sa iyo; datapuwa't (ito ay hindi nila nauunawaan, sapagkat) Kami ay naglagay ng mga lambong sa kanilang puso upang sila ay hindi makaunawa, at ng pagkabingi sa kanilang mga tainga; at kung kanila (mang) makikita ang bawat isa sa *Ayat* (mga talata, kapahayagan, aral, katibayan, atbp.), sila ay hindi sasampalataya rito; hanggang sa puntong sila ay lumapit sa iyo upang makipagtalo, ang mga hindi sumasampalataya ay magsasabi: "Ito ay wala ng iba kundi mga kathang-isip lamang ng mga tao noong panahong sinauna."

وَمِنْهُم مَّن يَسْتَمِعُ إِلَيْكَ ۖ وَجَعَلْنَا عَلَىٰ قُلُوبِهِمْ أَكِنَّةً أَن يَفْقَهُوهُ وَفِىٓ ءَاذَانِهِمْ وَقْرًا ۖ وَإِن يَرَوْا۟ كُلَّ ءَايَةٍ لَّا يُؤْمِنُوا۟ بِهَا ۖ حَتَّىٰٓ إِذَا جَآءُوكَ يُجَٰدِلُونَكَ يَقُولُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ إِنْ هَٰذَآ إِلَّآ أَسَٰطِيرُ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿٢٥﴾

26. At kanilang hinahadlangan ang mga tao na sumusunod sa kanya (kay Propeta Muhammad), at sila rin ay naglalayo ng kanilang sarili sa kanya, datapuwa't winawasak lamang nila ang kanilang sarili, at ito ay hindi nila napag-aakala.

وَهُمْ يَنْهَوْنَ عَنْهُ وَيَنْـَٔوْنَ عَنْهُ ۖ وَإِن يُهْلِكُونَ إِلَّآ أَنفُسَهُمْ وَمَا يَشْعُرُونَ ﴿٢٦﴾

27. At kung iyo lamang mapagmamalas (O Muhammad) kung sila ay patitindigin na sa Apoy (ng Impiyerno), sila ay magsasabi: "Mangyari sana na kami ay muling ibalik (sa mundo)! At hindi na namin itatakwil ang *Ayat* (mga talata, aral, kapahayagan, katibayan, atbp.) ng Aming Panginoon, at kami ay magiging mga mananampalataya!"

وَلَوْ تَرَىٰٓ إِذْ وُقِفُوا۟ عَلَى ٱلنَّارِ فَقَالُوا۟ يَٰلَيْتَنَا نُرَدُّ وَلَا نُكَذِّبَ بِـَٔايَٰتِ رَبِّنَا وَنَكُونَ مِنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٢٧﴾

28. Hindi, datapuwa't nalantad na sa kanila kung ano ang kanilang ikinukubli noon. At kung sila ay ibabalik muli (sa mundo), katiyakang sila ay babalik na muli sa mga bagay na ipinagbabawal sa kanila. At katotohanang sila ay mga sinungaling.

بَلْ بَدَا لَهُم مَّا كَانُوا۟ يُخْفُونَ مِن قَبْلُ ۖ وَلَوْ رُدُّوا۟ لَعَادُوا۟ لِمَا نُهُوا۟ عَنْهُ وَإِنَّهُمْ لَكَٰذِبُونَ ﴿٢٨﴾

29. At sila ay nagsabi: "Wala ng iba (pang buhay) maliban sa aming (pangkasalukuyang) buhay sa mundong ito; at kailanman, kami ay hindi muling ibabangon (sa Araw ng Muling Pagkabuhay)."

وَقَالُوٓا۟ إِنْ هِىَ إِلَّا حَيَاتُنَا ٱلدُّنْيَا وَمَا نَحْنُ بِمَبْعُوثِينَ ﴿٢٩﴾

30. At kung iyo lamang mamamasdan (O Muhammad) kung sila ay patitindigin na sa

وَلَوْ تَرَىٰٓ إِذْ وُقِفُوا۟ عَلَىٰ رَبِّهِمْ ۚ قَالَ أَلَيْسَ هَٰذَا بِٱلْحَقِّ ۚ قَالُوا۟ بَلَىٰ وَرَبِّنَا ۚ قَالَ فَذُوقُوا۟ ٱلْعَذَابَ بِمَا

harapan ng kanilang Panginoon!, Siya (Allah) ay magwiwika: "Hindi baga ito ang Katotohanan (ang Muling Pagkabuhay at ang Pagsusulit)?" Sila ay magsasabi: "Tunay nga, O aming Panginoon!" Siya (Allah) ay muling magwiwika: "Kaya't lasapin ninyo (ngayon) ang kaparusahan dahilan sa kayo ay hindi nanampalataya."

كُنتُمْ تَكْفُرُونَ ﴿٣٠﴾

31. Katotohanan, kasawian sa kanila na hindi naniwala na kanilang makakadaupang-palad si Allah, hanggang sa di kaginsa-ginsa, ang Huling Oras (mga tanda ng kamatayan) ay sumapit na sa kanila, at sila ay magsasabi: "Ah! Kasawian sa amin na kami ay nagpabaya"; sapagkat kanilang dadalhin ang pasanin (mga kasalanan) sa kanilang likod, at tunay na kasamaan ang mga pasanin na kanilang dadalhin?

قَدْ خَسِرَ ٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِلِقَآءِ ٱللَّهِ ۖ حَتَّىٰٓ إِذَا جَآءَتْهُمُ ٱلسَّاعَةُ بَغْتَةً قَالُوا۟ يَٰحَسْرَتَنَا عَلَىٰ مَا فَرَّطْنَا فِيهَا وَهُمْ يَحْمِلُونَ أَوْزَارَهُمْ عَلَىٰ ظُهُورِهِمْ ۚ أَلَا سَآءَ مَا يَزِرُونَ ﴿٣١﴾

32. At ang buhay sa mundong ito ay wala ng iba kundi isang paglalaro lamang at paglilibang. Datapuwa't higit na mainam ang Tahanan sa Kabilang Buhay para sa mga matutuwid. Hindi baga kayo makakaunawa?

وَمَا ٱلْحَيَوٰةُ ٱلدُّنْيَآ إِلَّا لَعِبٌ وَلَهْوٌ ۖ وَلَلدَّارُ ٱلْـَٔاخِرَةُ خَيْرٌ لِّلَّذِينَ يَتَّقُونَ ۗ أَفَلَا تَعْقِلُونَ ﴿٣٢﴾

33. Tunay Naming batid ang dalamhati na idinudulot ng kanilang mga salita sa iyo (O Muhammad); katotohanang hindi ikaw ang kanilang itinatakwil, ngunit ang mga Talata (ng Qur'an) ni Allah ang itinatakwil ng *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian).

قَدْ نَعْلَمُ إِنَّهُۥ لَيَحْزُنُكَ ٱلَّذِى يَقُولُونَ فَإِنَّهُمْ لَا يُكَذِّبُونَكَ وَلَٰكِنَّ ٱلظَّٰلِمِينَ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ يَجْحَدُونَ ﴿٣٣﴾

34. Katotohanang (marami) na sa mga Sugo ang itinakwil nang una pa sa iyo (O Muhammad), datapuwa't sa pamamagitan ng pagtitiyaga sila ay nagbata sa (kanilang) pagtatakwil, at sila ay nasaktan (napahamak), hanggang ang Aming Tulong ay dumatal sa kanila, at walang sinuman ang makakapagpabago sa mga Salita (mga Pangako) ni Allah. Katotohanang dumatal na sa iyo ang balita hinggil sa mga Sugo (na nauna pa sa iyo).

وَلَقَدْ كُذِّبَتْ رُسُلٌ مِّن قَبْلِكَ فَصَبَرُوا۟ عَلَىٰ مَا كُذِّبُوا۟ وَأُوذُوا۟ حَتَّىٰٓ أَتَىٰهُمْ نَصْرُنَا ۚ وَلَا مُبَدِّلَ لِكَلِمَٰتِ ٱللَّهِ ۚ وَلَقَدْ جَآءَكَ مِن نَّبَإِى ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿٣٤﴾

35. Kung ang kanilang pag-ayaw (sa iyo, O Muhammad at sa bagay na ipinarating sa iyo) ay mabigat (mahirap) para sa iyo, (at ikaw ay

وَإِن كَانَ كَبُرَ عَلَيْكَ إِعْرَاضُهُمْ فَإِنِ ٱسْتَطَعْتَ أَن تَبْتَغِىَ نَفَقًا فِى ٱلْأَرْضِ أَوْ سُلَّمًا

hindi matimtiman sa kanilang pananakit sa iyo), kung (magkagayon), kung ikaw ay makatagpo ng isang guwang sa lupa o isang hagdan (papataas) sa langit, upang ikaw ay makapagdala sa kanila ng isang Tanda (kung gayon, ay gawin mo). Kung ninais lamang ni Allah, magagawa Niyang tipunin sila nang sama-sama tungo sa isang tunay na patnubay, kaya't huwag (kang) maging isa sa *Al-Jahilun* (mga mangmang na naninimdim sa kanila).

فِى ٱلسَّمَآءِ فَتَأْتِيَهُم بِـَٔايَةٍ ۚ وَلَوْ شَآءَ ٱللَّهُ لَجَمَعَهُمْ عَلَى ٱلْهُدَىٰ ۚ فَلَا تَكُونَنَّ مِنَ ٱلْجَٰهِلِينَ ﴿٣٥﴾

36. Sila lamang na nakikinig (sa Mensahe ni Propeta Muhammad), ang tatalima rito (makakapagkamit ng kapakinabangan); datapuwa't sa mga patay (walang pananampalataya), si Allah ang magpapabangon sa kanila, at sa Kanya, sila ay magbabalik (tungo sa kanilang kabayaran).

۞ إِنَّمَا يَسْتَجِيبُ ٱلَّذِينَ يَسْمَعُونَ ۘ وَٱلْمَوْتَىٰ يَبْعَثُهُمُ ٱللَّهُ ثُمَّ إِلَيْهِ يُرْجَعُونَ ﴿٣٦﴾

37. At sila ay nagsabi: "Bakit kaya ang isang Tanda (kahima-himalang patunay) ay hindi ipinanaog sa kanya mula sa kanyang Panginoon?" Ipagbadya: "Walang pagsala na si Allah ay makakapagpanaog ng isang Tanda, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay walang kaalaman."

وَقَالُوا۟ لَوْلَا نُزِّلَ عَلَيْهِ ءَايَةٌ مِّن رَّبِّهِۦ ۚ قُلْ إِنَّ ٱللَّهَ قَادِرٌ عَلَىٰٓ أَن يُنَزِّلَ ءَايَةً وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٣٧﴾

38. At walang isa mang gumagalaw (o nabubuhay) na nilalang sa kalupaan, gayundin ang isang ibon na lumilipad sa kanyang dalawang pakpak, maliban (na sila ay) mga pamayanan na katulad ninyo. Wala Kaming nakaligtaan sa Aklat, at sa kanilang Panginoon, silang (lahat) ay titipunin.

وَمَا مِن دَآبَّةٍ فِى ٱلْأَرْضِ وَلَا طَٰٓئِرٍ يَطِيرُ بِجَنَاحَيْهِ إِلَّآ أُمَمٌ أَمْثَالُكُم ۚ مَّا فَرَّطْنَا فِى ٱلْكِتَٰبِ مِن شَىْءٍ ۚ ثُمَّ إِلَىٰ رَبِّهِمْ يُحْشَرُونَ ﴿٣٨﴾

39. Sila na nagtatakwil sa Aming *Ayat* (mga talata, kapahayagan, aral, katibayan, atbp.) ay mga bingi at pipi sa kadiliman. Sinuman ang naisin ni Allah ay Kanyang (ihahantong) sa pagkaligaw, at sinuman ang Kanyang maibigan ay Kanyang papatnubayan sa Tuwid na Landas.

وَٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا صُمٌّ وَبُكْمٌ فِى ٱلظُّلُمَٰتِ ۗ مَن يَشَإِ ٱللَّهُ يُضْلِلْهُ ۖ وَمَن يَشَأْ يَجْعَلْهُ عَلَىٰ صِرَٰطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿٣٩﴾

40. Ipagbadya (O Muhammad): "Sabihin ninyo sa akin, kung ang kaparusahan ni Allah ay sumapit sa inyo, o ang Oras (na kayo ay bubuhaying muli) ay dumatal sa inyo, kayo ba ay maninikluhod sa iba pa maliban kay Allah,

قُلْ أَرَءَيْتَكُمْ إِنْ أَتَىٰكُمْ عَذَابُ ٱللَّهِ أَوْ أَتَتْكُمُ ٱلسَّاعَةُ أَغَيْرَ ٱللَّهِ تَدْعُونَ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿٤٠﴾

kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan?"

بَلْ إِيَّاهُ تَدْعُونَ فَيَكْشِفُ مَا تَدْعُونَ إِلَيْهِ إِن شَآءَ وَتَنسَوْنَ مَا تُشْرِكُونَ ﴿٤١﴾

41. Datapuwa't sa Kanya lamang kayo manalangin, at kung Kanyang kagustuhan ay Kanyang papawiin (ang gayong kapighatian) na siyang dahilan ng inyong paninikluhod sa Kanya, at inyong malilimutan sa sandaling yaon ang anumang mga katambal na inyong iniaakibat sa Kanya (sa pagsamba)!

وَلَقَدْ أَرْسَلْنَآ إِلَىٰٓ أُمَمٍ مِّن قَبْلِكَ فَأَخَذْنَٰهُم بِٱلْبَأْسَآءِ وَٱلضَّرَّآءِ لَعَلَّهُمْ يَتَضَرَّعُونَ ﴿٤٢﴾

42. Katotohanang Kami ay nagpadala (ng mga Sugo) sa maraming pamayanan (bansa) nang una pa sa iyo (O Muhammad). (Ngunit sila ay sumuway sa mga Sugo). At sila ay Aming sinakmal ng matinding kahirapan (o pagkawala ng kanilang kayamanan) at paglala ng kanilang kalusugan na kasama ang mga kapinsalaan upang sila ay magsisampalataya (manikluhod) ng may kapakumbabaan.

فَلَوْلَآ إِذْ جَآءَهُم بَأْسُنَا تَضَرَّعُوا۟ وَلَٰكِن قَسَتْ قُلُوبُهُمْ وَزَيَّنَ لَهُمُ ٱلشَّيْطَٰنُ مَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿٤٣﴾

43. At nang ang Aming kaparusahan ay sumapit na sa kanila, dapat sana sila ay nanampalataya (nanikluhod) ng may kababaang-loob? Datapuwa't ang kanilang puso ay naging matigas, at ginawang nakagaganyak ni Satanas sa kanila ang kanilang mga ginagawa.

فَلَمَّا نَسُوا۟ مَا ذُكِّرُوا۟ بِهِۦ فَتَحْنَا عَلَيْهِمْ أَبْوَٰبَ كُلِّ شَىْءٍ حَتَّىٰٓ إِذَا فَرِحُوا۟ بِمَآ أُوتُوٓا۟ أَخَذْنَٰهُم بَغْتَةً فَإِذَا هُم مُّبْلِسُونَ ﴿٤٤﴾

44. Kaya't nang kanilang nalimutan (ang babala) kung saan sila ay pinaalalahanan, Aming binuksan para sa kanila ang mga tarangkahan ng bawat (nakalulugod) na bagay; hanggang nang sila'y nagkakasayahan sa mga ipinagkaloob sa kanila, Aming sinakmal sila ng walang kaabug-abog, at sila ay tandisang nasa kalagayan ng kawalang-pag-asa.

فَقُطِعَ دَابِرُ ٱلْقَوْمِ ٱلَّذِينَ ظَلَمُوا۟ ۚ وَٱلْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٤٥﴾

45. Kaya't ang mga tao na nagmalabis sa pagsuway ay ganap na nalipol. At ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang.

قُلْ أَرَءَيْتُمْ إِنْ أَخَذَ ٱللَّهُ سَمْعَكُمْ وَأَبْصَٰرَكُمْ وَخَتَمَ عَلَىٰ قُلُوبِكُم مَّنْ إِلَٰهٌ غَيْرُ ٱللَّهِ يَأْتِيكُم بِهِ ۗ ٱنظُرْ كَيْفَ نُصَرِّفُ ٱلْءَايَٰتِ ثُمَّ هُمْ يَصْدِفُونَ ﴿٤٦﴾

46. Ipagbadya (sa mga hindi sumasampalataya): "Ano sa palagay ninyo, kung kunin ni Allah ang inyong pandinig at inyong paningin, at takpan Niya ang inyong puso, sino pa ba kaya rito, - ang *ilah* (diyos) maliban pa kay Allah, ang makapagpapanumbalik ng mga ito para sa inyo?" Tingnan mo (O Muhammad) kung

paano Namin sa maraming paraan ipinapaliwanag ang *Ayat* (mga kapahayagan, aral, katibayan, tanda, atbp.), datapuwa't sila ay nagsitalikod pa rin.

قُلْ أَرَءَيْتَكُمْ إِنْ أَتَىٰكُمْ عَذَابُ ٱللَّهِ بَغْتَةً أَوْ جَهْرَةً هَلْ يُهْلَكُ إِلَّا ٱلْقَوْمُ ٱلظَّٰلِمُونَ ﴿٤٧﴾

47. Ipagbadya: "Ano sa palagay ninyo, kung ang kaparusahan ni Allah ay dumatal sa inyo nang walang kaabug-abog (sa panahon ng gabi), o nang lantad (sa panahon ng maghapon), mayroon pa ba kayang mawawasak maliban sa *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian)?

وَمَا نُرْسِلُ ٱلْمُرْسَلِينَ إِلَّا مُبَشِّرِينَ وَمُنذِرِينَ ۖ فَمَنْ ءَامَنَ وَأَصْلَحَ فَلَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ﴿٤٨﴾

48. At hindi Namin isinugo ang mga Sugo maliban na sila ay tagapagbigay ng magandang balita at bilang tagapagbabala. Kaya't sinuman ang manampalataya at gumawa ng kabutihan, sa kanya ay walang sasapit na pangamba, gayundin sila ay hindi malulumbay.

وَٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا يَمَسُّهُمُ ٱلْعَذَابُ بِمَا كَانُوا۟ يَفْسُقُونَ ﴿٤٩﴾

49. Datapuwa't sila na nagtatakwil ng Aming *Ayat* (mga kapahayagan, aral, katibayan, tanda, atbp.), ang kaparusahan ay dadapo sa kanila dahilan sa kanilang kawalan ng pananampalataya (at sa kanilang pagpapabulaan sa mensahe ni Muhammad).

قُل لَّآ أَقُولُ لَكُمْ عِندِى خَزَآئِنُ ٱللَّهِ وَلَآ أَعْلَمُ ٱلْغَيْبَ وَلَآ أَقُولُ لَكُمْ إِنِّى مَلَكٌ ۖ إِنْ أَتَّبِعُ إِلَّا مَا يُوحَىٰٓ إِلَىَّ ۚ قُلْ هَلْ يَسْتَوِى ٱلْأَعْمَىٰ وَٱلْبَصِيرُ ۚ أَفَلَا تَتَفَكَّرُونَ ﴿٥٠﴾

50. Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay hindi nagsasabi sa inyo na nasa akin ang mga kayamanan ni Allah, gayundin na aking nalalaman ang mga bagay na nakalingid; at gayundin, ako ay hindi nagsasabi sa inyo na ako ay isang anghel. Sinusunod ko lamang kung ano ang ipinahayag sa akin sa pamamagitan ng inspirasyon." Ipagbadya: "Sila ba na mga bulag ay katulad nila na nakakakita? Hindi baga kayo magkakaroon ng pagdidili-dili?"

وَأَنذِرْ بِهِ ٱلَّذِينَ يَخَافُونَ أَن يُحْشَرُوٓا۟ إِلَىٰ رَبِّهِمْ لَيْسَ لَهُم مِّن دُونِهِۦ وَلِىٌّ وَلَا شَفِيعٌ لَّعَلَّهُمْ يَتَّقُونَ ﴿٥١﴾

51. At bigyan ng babala sa pamamagitan ng mga talata ng Qur'an yaong mga nangangamba na sila ay titipunin sa harapan ng kanilang Panginoon, na roon ay wala silang magiging tagapangalaga at tagapamagitan maliban sa Kanya, upang sa gayon ay kanilang pangambahan si Allah (at panatilihin ang kanilang tungkulin sa Kanya sa pamamagitan nang pag-iwas sa paggawa ng mga kasalanan at

sa paggawa ng lahat ng mabubuti at matutuwid na bagay na Kanyang ipinag-utos).

52. At huwag mong itaboy (O Muhammad) ang mga naninikluhod sa kanilang Panginoon sa umaga at hapon na naghahanap ng Kanyang pagkalugod. Ikaw ay walang pananagutan sa kanila sa anuman, at sila ay walang pananagutan sa inyo sa anuman upang sila ay iyong itaboy, at kung magkagayon, (ikaw) ay magiging (isa) sa *Zalimun* (mga walang katarungan).

وَلَا تَطْرُدِ ٱلَّذِينَ يَدْعُونَ رَبَّهُم بِٱلْغَدَوٰةِ وَٱلْعَشِىِّ يُرِيدُونَ وَجْهَهُۥ ۖ مَا عَلَيْكَ مِنْ حِسَابِهِم مِّن شَىْءٍ وَمَا مِنْ حِسَابِكَ عَلَيْهِم مِّن شَىْءٍ فَتَطْرُدَهُمْ فَتَكُونَ مِنَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٥٢﴾

53. Kaya't Aming sinubukan ang ilan sa kanila sa pamamagitan ng iba, upang sila (na mga hindi sumasampalataya) ay makapagsabi: "Sila ba ang (mga dukhang sumasampalataya) na higit na biniyayaan ni Allah sa aming lipon? Hindi baga talastas na mabuti ni Allah kung sino ang mga may damdamin ng pasasalamat?"

وَكَذَٰلِكَ فَتَنَّا بَعْضَهُم بِبَعْضٍ لِّيَقُولُوٓا۟ أَهَٰٓؤُلَآءِ مَنَّ ٱللَّهُ عَلَيْهِم مِّنۢ بَيْنِنَآ ۗ أَلَيْسَ ٱللَّهُ بِأَعْلَمَ بِٱلشَّٰكِرِينَ ﴿٥٣﴾

54. At kung ang mga sumasampalataya sa Aming *Ayat* (mga kapahayagan, aral, katibayan, tanda, atbp.) ay lumapit sa iyo, ipagbadya: "*Salamun alaikum* (ang kapayapaan ay sumainyo); ang inyong Panginoon ay nagtakda sa Kanyang Sarili ng habag; na kung sinuman sa inyo ang nakagawa ng kamalian dahilan sa kawalang-kaalaman, at matapos ito, siya ay nagsisi at nagtuwid sa kanyang sarili (sa pagsunod kay Allah), kung gayon, katotohanang Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain."

وَإِذَا جَآءَكَ ٱلَّذِينَ يُؤْمِنُونَ بِـَٔايَٰتِنَا فَقُلْ سَلَٰمٌ عَلَيْكُمْ كَتَبَ رَبُّكُمْ عَلَىٰ نَفْسِهِ ٱلرَّحْمَةَ ۖ أَنَّهُۥ مَنْ عَمِلَ مِنكُمْ سُوٓءًۢا بِجَهَٰلَةٍ ثُمَّ تَابَ مِنۢ بَعْدِهِۦ وَأَصْلَحَ فَأَنَّهُۥ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٥٤﴾

55. At sa ganito Namin ipinapaliwanag ang *Ayat* (mga kapahayagan, aral, katibayan, tanda, atbp.) sa masusing paraan, upang ang landas ng *Mujrimun* (mga kriminal, mapagsamba sa diyus-diyosan, buktot, buhong, atbp.) ay maging maliwanag.

وَكَذَٰلِكَ نُفَصِّلُ ٱلْـَٔايَٰتِ وَلِتَسْتَبِينَ سَبِيلُ ٱلْمُجْرِمِينَ ﴿٥٥﴾

56. Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay pinagbawalan na sambahin yaong mga pinapanalanginan ninyo (sa pagsamba) maliban pa kay Allah." Ipagbadya: "Hindi ko susundin ang inyong walang kabuluhang pagnanasa. Kung ito ay aking gawin, ako ay mapapaligaw

قُلْ إِنِّى نُهِيتُ أَنْ أَعْبُدَ ٱلَّذِينَ تَدْعُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ ۚ قُل لَّآ أَتَّبِعُ أَهْوَآءَكُمْ ۙ قَدْ ضَلَلْتُ إِذًا وَمَآ أَنَا۠ مِنَ ٱلْمُهْتَدِينَ ﴿٥٦﴾

(ng landas) at ako ay hindi magiging isa sa mga matuwid na napapatnubayan."

57. Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay nasa maliwanag na Katibayan mula sa aking Panginoon, datapuwa't inyong ikinaila (ang katotohanan na dumatal sa akin mula kay Allah). Kung anuman ang inyong hinahanap na madaliin (ang kaparusahan), ito ay wala sa aking kapangyarihan. Ang pasya (tungkol dito) ay tanging na kay Allah lamang, Siya ang nagpapahayag ng Katotohanan, at Siya ang Pinakamahusay sa lahat ng mga hukom."

قُلْ إِنِّي عَلَىٰ بَيِّنَةٍ مِّن رَّبِّي وَكَذَّبْتُم بِهِۦ ۚ مَا عِندِي مَا تَسْتَعْجِلُونَ بِهِۦٓ ۚ إِنِ ٱلْحُكْمُ إِلَّا لِلَّهِ ۖ يَقُصُّ ٱلْحَقَّ ۖ وَهُوَ خَيْرُ ٱلْفَٰصِلِينَ ﴿٥٧﴾

58. Ipagbadya: "Kung ako lamang ay may kapangyarihan na madaliin (ang kaparusahan) na inyong hinihiling (katiyakang aking gagawin ito bago pa ang iba), upang ang pangyayari (o pagtatalo) ay mapagpasyahan na sa pagitan ko at ninyo, datapuwa't si Allah ang tunay na nakakaalam kung sino ang *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian, atbp.).

قُل لَّوْ أَنَّ عِندِي مَا تَسْتَعْجِلُونَ بِهِۦ لَقُضِيَ ٱلْأَمْرُ بَيْنِي وَبَيْنَكُمْ ۗ وَٱللَّهُ أَعْلَمُ بِٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٥٨﴾

59. At Siya ang nag-aangkin ng mga susi ng *Al-Ghaib* (lahat ng bagay na nakalingid tulad ng kaluluwa, kabilang buhay, atbp.); walang sinuman ang nakakaalam ng mga ito maliban sa Kanya. At talastas Niya kung anuman ang nasa kalupaan at nasa karagatan; wala ni isa mang dahon ang malalaglag nang hindi Niya batid. Wala ni isa mang butil sa kadiliman ng kalupaan, gayundin ang anumang bagay na sariwa o tuyo, na hindi nakatala sa isang Malinaw na Talaan.

۞ وَعِندَهُۥ مَفَاتِحُ ٱلْغَيْبِ لَا يَعْلَمُهَآ إِلَّا هُوَ ۚ وَيَعْلَمُ مَا فِي ٱلْبَرِّ وَٱلْبَحْرِ ۚ وَمَا تَسْقُطُ مِن وَرَقَةٍ إِلَّا يَعْلَمُهَا وَلَا حَبَّةٍ فِي ظُلُمَٰتِ ٱلْأَرْضِ وَلَا رَطْبٍ وَلَا يَابِسٍ إِلَّا فِي كِتَٰبٍ مُّبِينٍ ﴿٥٩﴾

60. Siya ang kumukuha ng inyong kaluluwa sa gabi (kung kayo ay natutulog), at may lahat ng kaalaman sa lahat ng inyong ginawa sa maghapon, at Kanyang ibinabangon (ginigising) kayong muli upang ang isang natataningang panahon (ang haba ng inyong buhay) ay matupad, at pagkatapos, sa Kanya ang inyong pagbabalik. At Kanyang ipapaalam sa inyo kung ano ang inyong ginawa.

وَهُوَ ٱلَّذِي يَتَوَفَّىٰكُم بِٱلَّيْلِ وَيَعْلَمُ مَا جَرَحْتُم بِٱلنَّهَارِ ثُمَّ يَبْعَثُكُمْ فِيهِ لِيُقْضَىٰٓ أَجَلٌ مُّسَمًّى ۖ ثُمَّ إِلَيْهِ مَرْجِعُكُمْ ثُمَّ يُنَبِّئُكُم بِمَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٦٠﴾

61. Siya ay hindi Mapapasubalian, na

وَهُوَ ٱلْقَاهِرُ فَوْقَ عِبَادِهِۦ ۖ وَيُرْسِلُ عَلَيْكُمْ

Nakakapangyari sa Kanyang mga alipin, at Siya ay nagsusugo ng mga tagapangalaga (mga anghel na nagbabantay at nagtatala ng bawat isa sa ating mabubuti at masasamang gawa) para sa inyo, hanggang ang kamatayan ay dumatal sa isa sa inyo; ang anghel ng kamatayan at kanyang mga kawaksi ay kukuha ng kanyang kaluluwa, at sila ay hindi nakakalimot sa kanilang tungkulin.

حَفَظَةً حَتَّىٰٓ إِذَا جَآءَ أَحَدَكُمُ ٱلْمَوْتُ تَوَفَّتْهُ رُسُلُنَا وَهُمْ لَا يُفَرِّطُونَ ﴿٦١﴾

62. (At pagkaraan) sila ay ibabalik kay Allah, ang kanilang *Maula* (ang Tunay na Panginoon [Diyos], ang Makatarungang Panginoon [upang sila ay gantimpalaan]). Katotohanang nasa Kanya ang pagpapasya at Siya ay Maagap sa Pagsusulit.

ثُمَّ رُدُّوٓا۟ إِلَى ٱللَّهِ مَوْلَىٰهُمُ ٱلْحَقِّ ۚ أَلَا لَهُ ٱلْحُكْمُ وَهُوَ أَسْرَعُ ٱلْحَٰسِبِينَ ﴿٦٢﴾

63. Ipagbadya (O Muhammad): "Sino ang nagliligtas sa inyo mula sa kadiliman (mga kapahamakan sa mga daluyong) ng kalupaan at ng karagatan, nang manikluhod kayo sa Kanya sa kababaang-loob at sa lihim (na nagsasabi): "Kung Siya (Allah) ay magliligtas lamang sa amin sa ganitong (kapahamakan), kami ay tunay na magkakaroon ng pagtanaw ng utang na loob."

قُلْ مَن يُنَجِّيكُم مِّن ظُلُمَٰتِ ٱلْبَرِّ وَٱلْبَحْرِ تَدْعُونَهُۥ تَضَرُّعًا وَخُفْيَةً لَّئِنْ أَنجَىٰنَا مِنْ هَٰذِهِۦ لَنَكُونَنَّ مِنَ ٱلشَّٰكِرِينَ ﴿٦٣﴾

64. Ipagbadya (O Muhammad): "Si Allah ang nagliligtas sa inyo sa ganito at gayundin sa lahat ng kapahamakan, datapuwa't kayo ay nagbibigay pa rin ng katambal sa pagsamba sa Kanya."

قُلِ ٱللَّهُ يُنَجِّيكُم مِّنْهَا وَمِن كُلِّ كَرْبٍ ثُمَّ أَنتُمْ تُشْرِكُونَ ﴿٦٤﴾

65. Ipagbadya: "Siya (Allah) ay may kapangyarihan na magparating ng kaparusahan sa inyo mula sa itaas o sa ilalim ng inyong mga paa, o lambungan kayo ng kalituhan sa alitan ng (inyong) pangkat, at gawin (Niya) na inyong malasap ang karahasan sa isa't isa. Pagmasdan, kung paano Namin ipinapaliwanag sa maraming paraan ang *Ayat* (mga kapahayagan, aral, katibayan, tanda, atbp.) upang sila ay magkaroon ng pang-unawa.

قُلْ هُوَ ٱلْقَادِرُ عَلَىٰٓ أَن يَبْعَثَ عَلَيْكُمْ عَذَابًا مِّن فَوْقِكُمْ أَوْ مِن تَحْتِ أَرْجُلِكُمْ أَوْ يَلْبِسَكُمْ شِيَعًا وَيُذِيقَ بَعْضَكُم بَأْسَ بَعْضٍ ۗ ٱنظُرْ كَيْفَ نُصَرِّفُ ٱلْءَايَٰتِ لَعَلَّهُمْ يَفْقَهُونَ ﴿٦٥﴾

66. At ang iyong pamayanan (O Muhammad) ay nagtakwil dito (sa Qur'an) bagama't ito ang Katotohanan. Ipagbadya: "Ako ay hindi ninyo tagapamahala sa kapakanan ninyo".

وَكَذَّبَ بِهِۦ قَوْمُكَ وَهُوَ ٱلْحَقُّ ۚ قُل لَّسْتُ عَلَيْكُم بِوَكِيلٍ ﴿٦٦﴾

لِّكُلِّ نَبَإٍ مُّسْتَقَرٌّ وَسَوْفَ تَعْلَمُونَ ﴿٦٧﴾

67. Sa bawat balita ay mayroong katotohanan, alalaong baga, sa bawat bagay ay mayroong natataningang panahon (at sinasabi rin na sa bawat gawa ay mayroong kabayaran), at (ito) ay inyong mapag-aalaman.

وَإِذَا رَأَيْتَ ٱلَّذِينَ يَخُوضُونَ فِىٓ ءَايَٰتِنَا فَأَعْرِضْ عَنْهُمْ حَتَّىٰ يَخُوضُوا۟ فِى حَدِيثٍ غَيْرِهِۦ ۚ وَإِمَّا يُنسِيَنَّكَ ٱلشَّيْطَٰنُ فَلَا تَقْعُدْ بَعْدَ ٱلذِّكْرَىٰ مَعَ ٱلْقَوْمِ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٦٨﴾

68. At kung ikaw (O Muhammad) ay nakamamasid sa kanila na abala sa bulaang pakikipag-usap hinggil sa Aming mga Talata (ang Qur'an), sa pamamagitan ng pagtuya sa mga ito, manatiling malayo sa kanila hanggang sa sila ay magbago ng kanilang pinag-uusapan. At kung ginawa ni Satanas na kayo ay makalimot, kung gayon, huwag kayong makiupo (makihalubilo) sa kanila sa lipon ng mga tao na *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian, atbp.) matapos na kayo ay makaala-ala (sa gayong maling bagay).

وَمَا عَلَى ٱلَّذِينَ يَتَّقُونَ مِنْ حِسَابِهِم مِّن شَىْءٍ وَلَٰكِن ذِكْرَىٰ لَعَلَّهُمْ يَتَّقُونَ ﴿٦٩﴾

69. Ang mga masunurin kay Allah at umiiwas sa kasamaan ay walang pananagutan sa kanila (na mga hindi sumasampalataya) sa anumang paraan, datapuwa't (ang kanilang tungkulin) ay paalalahanan sila na kanilang iwasan ang gayong (panunuya sa Qur'an) upang sila ay magkaroon ng pangangamba kay Allah.

وَذَرِ ٱلَّذِينَ ٱتَّخَذُوا۟ دِينَهُمْ لَعِبًا وَلَهْوًا وَغَرَّتْهُمُ ٱلْحَيَوٰةُ ٱلدُّنْيَا ۚ وَذَكِّرْ بِهِۦٓ أَن تُبْسَلَ نَفْسٌۢ بِمَا كَسَبَتْ لَيْسَ لَهَا مِن دُونِ ٱللَّهِ وَلِىٌّ وَلَا شَفِيعٌ وَإِن تَعْدِلْ كُلَّ عَدْلٍ لَّا يُؤْخَذْ مِنْهَآ ۗ أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ أُبْسِلُوا۟ بِمَا كَسَبُوا۟ ۖ لَهُمْ شَرَابٌ مِّنْ حَمِيمٍ وَعَذَابٌ أَلِيمٌۢ بِمَا كَانُوا۟ يَكْفُرُونَ ﴿٧٠﴾

70. At iyong hayaan na mag-isa sila, (sila) na nagtuturing sa kanilang pananampalataya bilang isang laro at paglilibang at nalinlang ng buhay sa mundong ito. Datapuwa't (sila) ay (iyong) paalalahanan sa pamamagitan ng Qur'an; baka ang tao ay masadlak sa pagkawasak sa bagay na kanyang kinita (ginawa), kung kanyang mamasdan sa kanyang sarili na siya ay walang tagapangalaga o tagapamagitan maliban pa kay Allah, at kahit na siya ay mag-alok ng lahat ng kabayaran, ito ay hindi tatanggapin mula sa kanya. Sila ang mga (tao) na isinadlak sa pagkawasak dahilan sa kanilang kinita (mga ginawa). Sasakanila ang inumin ng kumukulong tubig at isang kasakit-sakit na kaparusahan dahilan sa kanilang kawalan ng pananampalataya.

قُلْ أَنَدْعُوا۟ مِن دُونِ ٱللَّهِ مَا لَا يَنفَعُنَا وَلَا

71. Ipagbadya (O Muhammad): "Atin bagang paninikluhuran ang mga iba (mga huwad na

diyus-diyosan) maliban pa kay Allah, (sila) na hindi makapagbibigay sa atin ng anumang mabuti o pinsala, at kami ba ay magtatalikod ng aming sakong matapos na Siya ay mamatnubay sa atin (sa tunay na paniniwala sa Tangi at Nag-iisang Diyos)? – na katulad niya na isinadlak ng mga diyablo (satanas) na mapaligaw, na nalilito (at nagpapalibut-libot) sa kalupaan; ang kanyang kasamahan ay tumatawag sa kanya tungo sa patnubay (na nagsasabi): "Pumarito ka sa amin." Ipagbadya: "Katotohanan, ang patnubay ni Allah ang tangi lamang patnubay, at kami ay pinag-utusan na magsuko (ng aming sarili) sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang;

يَضُرُّنَا وَنُرَدُّ عَلَىٰٓ أَعۡقَٰبِنَا بَعۡدَ إِذۡ هَدَىٰنَا ٱللَّهُ كَٱلَّذِي ٱسۡتَهۡوَتۡهُ ٱلشَّيَٰطِينُ فِي ٱلۡأَرۡضِ حَيۡرَانَ لَهُۥٓ أَصۡحَٰبٌ يَدۡعُونَهُۥٓ إِلَى ٱلۡهُدَى ٱئۡتِنَاۗ قُلۡ إِنَّ هُدَى ٱللَّهِ هُوَ ٱلۡهُدَىٰۖ وَأُمِرۡنَا لِنُسۡلِمَ لِرَبِّ ٱلۡعَٰلَمِينَ ﴿٧١﴾

72. At mag-alay ng *Salah* (takdang panalangin) nang mahinusay, at maging masunurin kay Allah at pangambahan Siya, at sa Kanya kayong lahat ay titipunin."

وَأَنۡ أَقِيمُواْ ٱلصَّلَوٰةَ وَٱتَّقُوهُۚ وَهُوَ ٱلَّذِيٓ إِلَيۡهِ تُحۡشَرُونَ ﴿٧٢﴾

73. Siya (Allah) ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan sa katotohanan, at sa Araw (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay), Siya ay magwiwika: "Mangyari nga, at ito ay magaganap." Ang Kanyang Salita ay Katotohanan. Ang Kanyang naisin ang makapangyayari sa Araw na ang Tambuli ay hihipan (sa ikalawang pag-ihip). (Siya) ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ng mga nakalingid at nakalantad, Siya ang Tigib ng Karunungan, ang Pinakamaalam sa lahat ng bagay.

وَهُوَ ٱلَّذِي خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضَ بِٱلۡحَقِّۖ وَيَوۡمَ يَقُولُ كُن فَيَكُونُۚ قَوۡلُهُ ٱلۡحَقُّۚ وَلَهُ ٱلۡمُلۡكُ يَوۡمَ يُنفَخُ فِي ٱلصُّورِۚ عَٰلِمُ ٱلۡغَيۡبِ وَٱلشَّهَٰدَةِۚ وَهُوَ ٱلۡحَكِيمُ ٱلۡخَبِيرُ ﴿٧٣﴾

74. (At alalahanin) nang sabihin ni Abraham sa kanyang amang si Azar: "Inyo bagang tinatangkilik ang mga imahen bilang diyos? Katotohanang aking nakikita na kayo (Azar) at ang inyong pamayanan ay nasa maliwanag na kamalian (pagkaligaw)."

۞ وَإِذۡ قَالَ إِبۡرَٰهِيمُ لِأَبِيهِ ءَازَرَ أَتَتَّخِذُ أَصۡنَامًا ءَالِهَةًۖ إِنِّيٓ أَرَىٰكَ وَقَوۡمَكَ فِي ضَلَٰلٖ مُّبِينٖ ﴿٧٤﴾

75. Sa ganito, Aming ipinamalas kay Abraham ang kaharian ng mga kalangitan at kalupaan upang siya ay mabilang sa mga may tiyak na Pananalig.

وَكَذَٰلِكَ نُرِيٓ إِبۡرَٰهِيمَ مَلَكُوتَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضِ وَلِيَكُونَ مِنَ ٱلۡمُوقِنِينَ ﴿٧٥﴾

76. Nang ang kadiliman ng gabi ay lumambong sa kanya, siya ay nakamalas ng isang bituin. Siya

فَلَمَّا جَنَّ عَلَيۡهِ ٱلَّيۡلُ رَءَا كَوۡكَبٗاۖ قَالَ هَٰذَا رَبِّيۖ فَلَمَّآ أَفَلَ قَالَ لَآ أُحِبُّ ٱلۡأٓفِلِينَ ﴿٧٦﴾

ay nagsabi: "Ito ang aking Panginoon." Datapuwa't nang ito ay lumubog, siya ay nagturing: "Hindi ko naiibigan yaong lumulubog."

فَلَمَّا رَءَا ٱلْقَمَرَ بَازِغًا قَالَ هَٰذَا رَبِّى ۖ فَلَمَّآ أَفَلَ قَالَ لَئِن لَّمْ يَهْدِنِى رَبِّى لَأَكُونَنَّ مِنَ ٱلْقَوْمِ ٱلضَّآلِّينَ ﴿٧٧﴾

77. Nang mapagmasdan niya ang buwan na sumisikat, siya ay nagsabi: "Ito ang aking Panginoon." Datapuwa't nang ito ay lumubog, siya ay nagturing: Kung ako ay hindi papatnubayan ng aking Panginoon, katiyakang ako ay mapapabilang sa lipon ng mga tao na naliligaw sa kamalian."

فَلَمَّا رَءَا ٱلشَّمْسَ بَازِغَةً قَالَ هَٰذَا رَبِّى هَٰذَآ أَكْبَرُ ۖ فَلَمَّآ أَفَلَتْ قَالَ يَٰقَوْمِ إِنِّى بَرِىٓءٌ مِّمَّا تُشْرِكُونَ ﴿٧٨﴾

78. Nang mapagmalas niya ang araw na sumisikat, siya ay nagsabi: "Ito ang aking Panginoon. Ito ay higit na dakila." Datapuwa't nang ito ay lumubog, siya ay nagturing: "O aking pamayanan! Katotohanang ako ay malaya sa lahat ng mga iniaakibat ninyo na katambal sa pagsamba kay Allah."

إِنِّى وَجَّهْتُ وَجْهِىَ لِلَّذِى فَطَرَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ حَنِيفًا ۖ وَمَآ أَنَا۠ مِنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿٧٩﴾

79. Katotohanang aking ibinaling ang aking mukha tungo sa Kanya na lumikha ng mga kalangitan at kalupaan bilang isang *Hanifan* (nananampalataya sa Nag-iisang Diyos, si Allah), at ako ay hindi kabilang doon sa mga sumasamba sa iba maliban pa kay Allah.

وَحَآجَّهُۥ قَوْمُهُۥ ۚ قَالَ أَتُحَٰٓجُّوٓنِّى فِى ٱللَّهِ وَقَدْ هَدَىٰنِ ۚ وَلَآ أَخَافُ مَا تُشْرِكُونَ بِهِۦٓ إِلَّآ أَن يَشَآءَ رَبِّى شَيْـًٔا ۗ وَسِعَ رَبِّى كُلَّ شَىْءٍ عِلْمًا ۗ أَفَلَا تَتَذَكَّرُونَ ﴿٨٠﴾

80. Ang kanyang pamayanan ay nakipagtalo sa kanya. Siya ay nagsabi: "Kayo ba ay nakikipagtalo sa akin hinggil kay Allah samantalang ako ay pinatnubayan Niya, at hindi ko pinangangambahan ang mga itinatambal ninyo sa pagsamba kay Allah. (Walang anumang mangyayari sa akin) maliban kung ang aking Panginoon (Allah) ay magpahintulot ng isang bagay. Ang aking Panginoon ay nakatatalastas (mula) sa Kanyang Kaalaman ng lahat ng bagay. Hindi baga kayo makakaala-ala?

وَكَيْفَ أَخَافُ مَآ أَشْرَكْتُمْ وَلَا تَخَافُونَ أَنَّكُمْ أَشْرَكْتُم بِٱللَّهِ مَا لَمْ يُنَزِّلْ بِهِۦ عَلَيْكُمْ سُلْطَٰنًا ۚ فَأَىُّ ٱلْفَرِيقَيْنِ أَحَقُّ بِٱلْأَمْنِ ۖ إِن كُنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿٨١﴾

81. At bakit ko pangangambahan ang (mga bagay) na itinatambal ninyo sa pagsamba kay Allah (bagama't sila ay hindi makapagbibigay ng kapakinabangan o kasahulan), datapuwa't hindi ninyo kinatatakutan na kayo ay nagtatambal sa pagsamba kay Allah sa mga bagay na Siya ay hindi nagpapanaog sa inyo ng

katibayan. (Kaya't) sino sa dalawang pangkat ang may higit na karapatan sa kapanatagan, kung inyo lamang nalalaman?"

82. Sila na nananampalataya (sa Kaisahan ni Allah at wala ng sinasamba na iba pa maliban sa Kanya) at hindi inihahalo ang kalituhan sa kanilang paniniwala ng may kamalian (alalaong baga, ang pagsamba sa iba pa maliban kay Allah), sa kanila (lamang) ang kapanatagan at sila ay napapatnubayan.

ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَلَمْ يَلْبِسُوٓا۟ إِيمَٰنَهُم بِظُلْمٍ أُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمُ ٱلْأَمْنُ وَهُم مُّهْتَدُونَ ﴿٨٢﴾

83. At yaon ang Aming Katibayan na Aming ibinigay kay Abraham laban sa kanyang pamayanan. Aming itinataas ang antas ng sinuman na Aming maibigan. Katotohanan, ang iyong Panginoon ay Tigib ng Karunungan, ang Ganap na Maalam.

وَتِلْكَ حُجَّتُنَآ ءَاتَيْنَٰهَآ إِبْرَٰهِيمَ عَلَىٰ قَوْمِهِۦ ۚ نَرْفَعُ دَرَجَٰتٍ مَّن نَّشَآءُ ۗ إِنَّ رَبَّكَ حَكِيمٌ عَلِيمٌ ﴿٨٣﴾

84. At iginawad Namin sa kanya si Isaac at Hakob, at ang bawat isa sa kanila ay Aming pinatnubayan, at noong una pa sa kanya, Aming pinatnubayan si Noah, at ang kanyang mga supling na sina David, Solomon, Job, Hosep, Moises at Aaron. Sa ganito Namin ginagantimpalaan ang mga mapaggawa ng kabutihan.

وَوَهَبْنَا لَهُۥٓ إِسْحَٰقَ وَيَعْقُوبَ ۖ كُلًّا هَدَيْنَا ۚ وَنُوحًا هَدَيْنَا مِن قَبْلُ ۖ وَمِن ذُرِّيَّتِهِۦ دَاوُۥدَ وَسُلَيْمَٰنَ وَأَيُّوبَ وَيُوسُفَ وَمُوسَىٰ وَهَٰرُونَ ۚ وَكَذَٰلِكَ نَجْزِى ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿٨٤﴾

85. At si Zakarias, at si Juan at Hesus at Elias, ang bawat isa sa kanila ay nasa lipon ng mga matutuwid.

وَزَكَرِيَّا وَيَحْيَىٰ وَعِيسَىٰ وَإِلْيَاسَ ۖ كُلٌّ مِّنَ ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿٨٥﴾

86. At si Ismael at Elisha, at Jonas at Lut, at ang bawat isa sa kanila ay Aming kinasihan nang higit sa lahat ng mga nilalang (ng kanilang kapanahunan).

وَإِسْمَٰعِيلَ وَٱلْيَسَعَ وَيُونُسَ وَلُوطًا ۚ وَكُلًّا فَضَّلْنَا عَلَى ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٨٦﴾

87. At gayundin ang ilan sa kanilang mga ama at kanilang supling at kanilang mga kapatid, sila ay Aming hinirang at sila ay Aming pinatnubayan sa tuwid na landas.

وَمِنْ ءَابَآئِهِمْ وَذُرِّيَّٰتِهِمْ وَإِخْوَٰنِهِمْ ۖ وَٱجْتَبَيْنَٰهُمْ وَهَدَيْنَٰهُمْ إِلَىٰ صِرَٰطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿٨٧﴾

88. Ito ang Patnubay ni Allah, Kanyang ginagabayan ang sinumang Kanyang mapusuan sa Kanyang mga alipin. Datapuwa't kung sila ay nagtambal ng iba pa sa pagsamba kay Allah, ang lahat ng kanilang mga ginawa ay walang maibibigay na kapakinabangan sa kanila.

ذَٰلِكَ هُدَى ٱللَّهِ يَهْدِى بِهِۦ مَن يَشَآءُ مِنْ عِبَادِهِۦ ۚ وَلَوْ أَشْرَكُوا۟ لَحَبِطَ عَنْهُم مَّا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿٨٨﴾

89. Sila ang Aming pinagkalooban ng Aklat, ng

أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ ءَاتَيْنَٰهُمُ ٱلْكِتَٰبَ وَٱلْحُكْمَ

Al-Hukm (pang-unawa sa batas ng pananampalataya) at ng Pagka-propeta. Datapuwa't kung sila (ang mga hindi sumasampalataya) ay hindi nananalig dito (sa mga talata ng Qur'an), kung gayon, katiyakang Aming ipinagkatiwala ito sa isang Pamayanan (ang mga *Ansar* at *Muhajirun*) na hindi nagtatakwil nito.

وَٱلنُّبُوَّةَ ۚ فَإِن يَكْفُرْ بِهَا هَٰٓؤُلَآءِ فَقَدْ وَكَّلْنَا بِهَا قَوْمًا لَّيْسُوا۟ بِهَا بِكَٰفِرِينَ ﴿٨٩﴾

90. Sila (yaong mga Propeta) na hinirang ni Allah na mapatnubayan. Kaya't sundin mo ang kanilang patnubay. Ipagbadya: "Walang anumang sukli ang aking hinihingi sa inyo rito. Ito (ang Qur'an) ay isa lamang Paala-ala sa lahat ng mga nilalang."

أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ هَدَى ٱللَّهُ ۖ فَبِهُدَىٰهُمُ ٱقْتَدِهْ ۗ قُل لَّآ أَسْـَٔلُكُمْ عَلَيْهِ أَجْرًا ۖ إِنْ هُوَ إِلَّا ذِكْرَىٰ لِلْعَٰلَمِينَ ﴿٩٠﴾

91. Sila (na mga Hudyo, paganong Quraish, mga mapagsamba sa diyus-diyosan) ay hindi nagpalagay (nagturing) kay Allah ng isang pagpapalagay (pagtuturing) na nararapat sa Kanya, nang sila ay mangusap: "Si Allah ay hindi nagpapanaog ng anuman sa isang tao (sa pamamagitan ng inspirasyon)." Ipagbadya (O Muhammad): "Sino kung gayon ang nagpapanaog ng Aklat na dinala ni Moises, isang ilaw at patnubay sa sangkatauhan, na inyong (mga Hudyo) ginawa sa (magkakahiwalay) na mga pahina ng papel, na naglalantad (sa ilan nito) at naglilingid (sa karamihan nito)? At kayo (mga paganong *Quraish* na walang pananampalataya kay Allah) ay tinuruan (sa pamamagitan ng Qur'an), na kahit kayo, gayundin ang inyong mga ninuno ay hindi nakakaalam." Ipahayag: "Si Allah (ang nagpapanaog nito)." At hayaan sila na maglaro sa kanilang walang saysay na pag-uusapan.

وَمَا قَدَرُوا۟ ٱللَّهَ حَقَّ قَدْرِهِۦٓ إِذْ قَالُوا۟ مَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ عَلَىٰ بَشَرٍ مِّن شَىْءٍ ۗ قُلْ مَنْ أَنزَلَ ٱلْكِتَٰبَ ٱلَّذِى جَآءَ بِهِۦ مُوسَىٰ نُورًا وَهُدًى لِّلنَّاسِ ۖ تَجْعَلُونَهُۥ قَرَاطِيسَ تُبْدُونَهَا وَتُخْفُونَ كَثِيرًا ۖ وَعُلِّمْتُم مَّا لَمْ تَعْلَمُوٓا۟ أَنتُمْ وَلَآ ءَابَآؤُكُمْ ۖ قُلِ ٱللَّهُ ۙ ثُمَّ ذَرْهُمْ فِى خَوْضِهِمْ يَلْعَبُونَ ﴿٩١﴾

92. At ito ang Maluwalhating Aklat (ang Qur'an) na Aming ipinanaog (sa iyo, O Muhammad) na nagpapatotoo (sa kapahayagan) na dumatal nang una pa rito, upang iyong mabigyang-babala ang ina ng mga bayan (alalaong baga, ang mga taga-Makkah) at lahat ng nakapalibot dito. Ang mga sumasampalataya sa Kabilang Buhay ay nananalig dito (sa Qur'an), at sila ay nananatili

وَهَٰذَا كِتَٰبٌ أَنزَلْنَٰهُ مُبَارَكٌ مُّصَدِّقُ ٱلَّذِى بَيْنَ يَدَيْهِ وَلِتُنذِرَ أُمَّ ٱلْقُرَىٰ وَمَنْ حَوْلَهَا ۚ وَٱلَّذِينَ يُؤْمِنُونَ بِٱلْـَٔاخِرَةِ يُؤْمِنُونَ بِهِۦ ۖ وَهُمْ عَلَىٰ صَلَاتِهِمْ يُحَافِظُونَ ﴿٩٢﴾

sa pangangalaga ng kanilang pagdarasal.

وَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّنِ ٱفْتَرَىٰ عَلَى ٱللَّهِ كَذِبًا أَوْ قَالَ أُوحِيَ إِلَيَّ وَلَمْ يُوحَ إِلَيْهِ شَيْءٌ وَمَن قَالَ سَأُنزِلُ مِثْلَ مَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ ۗ وَلَوْ تَرَىٰٓ إِذِ ٱلظَّٰلِمُونَ فِي غَمَرَٰتِ ٱلْمَوْتِ وَٱلْمَلَٰٓئِكَةُ بَاسِطُوٓا۟ أَيْدِيهِمْ أَخْرِجُوٓا۟ أَنفُسَكُمُ ۖ ٱلْيَوْمَ تُجْزَوْنَ عَذَابَ ٱلْهُونِ بِمَا كُنتُمْ تَقُولُونَ عَلَى ٱللَّهِ غَيْرَ ٱلْحَقِّ وَكُنتُمْ عَنْ ءَايَٰتِهِۦ تَسْتَكْبِرُونَ ﴿٩٣﴾

93. At sino pa kaya ang higit na walang katarungan maliban sa kanya na kumakatha ng mga kabulaanan laban kay Allah, o nagsasabi (ng): "Ako ay tumanggap ng inspirasyon", datapuwa't siya ay hindi pinagpahayagan ng anuman; at siya na nagsasabi: "Aking ipapanaog ang katulad ng (Qur'an) na ipinanaog ni Allah." At kung iyo lamang mamamasdan (O Muhammad) kung ang *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, buktot, mapaggawa ng kamalian, atbp.) ay nasa kasakit-sakit na daing ng kamatayan, habang ang mga anghel ay humahatak sa kanilang mga kamay (na nagsasabi): "Ilabas na ninyo ang inyong kaluluwa; sa araw na ito, kayo ay babayaran ng kaparusahan ng pagkaaba dahilan sa inyong sinasambit hinggil kay Allah na taliwas sa katotohanan. At kayo ay nahirati sa pagtatakwil sa Kanyang *Ayat* (mga katibayan, aral, kapahayagan, tanda, atbp.) ng walang paggalang.

وَلَقَدْ جِئْتُمُونَا فُرَٰدَىٰ كَمَا خَلَقْنَٰكُمْ أَوَّلَ مَرَّةٍ وَتَرَكْتُم مَّا خَوَّلْنَٰكُمْ وَرَآءَ ظُهُورِكُمْ ۖ وَمَا نَرَىٰ مَعَكُمْ شُفَعَآءَكُمُ ٱلَّذِينَ زَعَمْتُمْ أَنَّهُمْ فِيكُمْ شُرَكَٰٓؤُا۟ ۚ لَقَد تَّقَطَّعَ بَيْنَكُمْ وَضَلَّ عَنكُم مَّا كُنتُمْ تَزْعُمُونَ ﴿٩٤﴾

94. At katotohanan, kayong lahat ay dumating sa Amin na nag-iisa (na walang kayamanan, mga kasama o anupamang bagay), katulad nang kayo ay Aming likhain sa pasimula. Iniwan ninyong lahat ang mga bagay na Aming ipinagkaloob sa inyo. Hindi Namin namalas sa inyo ang inyong mga tagapamagitan na inyong inaangkin na mga katambal ni Allah. Ngayon, ang lahat ng relasyon sa pagitan ninyo (at nila) ay pinutol na, at ang lahat ng inyong ipinangangalandakan ay naglaho sa inyo.

۞ إِنَّ ٱللَّهَ فَالِقُ ٱلْحَبِّ وَٱلنَّوَىٰ ۖ يُخْرِجُ ٱلْحَىَّ مِنَ ٱلْمَيِّتِ وَمُخْرِجُ ٱلْمَيِّتِ مِنَ ٱلْحَىِّ ۚ ذَٰلِكُمُ ٱللَّهُ ۖ فَأَنَّىٰ تُؤْفَكُونَ ﴿٩٥﴾

95. Katotohanan! Si Allah ang nagpapapangyari na ang butil at buto ng bungangkahoy (tulad ng palmera [datiles]) ay mabiyak at mag-usbong. Pinapangyari Niyang ang buhay ay magmula sa patay, at Siya ang nagpapapangyari na ang patay ay magmula sa may buhay. Siya si Allah, kung gayon, paano kayong napaligaw sa katotohanan?

فَالِقُ ٱلْإِصْبَاحِ وَجَعَلَ ٱلَّيْلَ سَكَنًا

96. Siya (Allah) ang nagpapamanaag ng pagsikat ng araw (mula sa kadiliman). Ginawa

Niya ang gabi sa pamamahinga at kapanatagan, at ng araw at buwan sa pagbibilang (o paggunita ng panahon). Ito ang (Kanyang) paraan ng pagsukat (pagbilang at pagtatalaga), ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Ganap na Maalam.

وَٱلشَّمْسَ وَٱلْقَمَرَ حُسْبَانًا ۚ ذَٰلِكَ تَقْدِيرُ ٱلْعَزِيزِ ٱلْعَلِيمِ ﴿٩٦﴾

97. Siya (Allah) ang nagtalaga sa inyo ng mga bituin, upang inyong mapatnubayan ang inyong landas sa pamamagitan ng mga ilaw nito sa gitna ng kadiliman sa kalupaan at karagatan. Katiyakan, Aming ipinaliwanag sa masusing paraan ang Aming *Ayat* (mga katibayan, aral, kapahayagan, tanda, atbp.) sa mga tao na may kaalaman.

وَهُوَ ٱلَّذِى جَعَلَ لَكُمُ ٱلنُّجُومَ لِتَهْتَدُوا۟ بِهَا فِى ظُلُمَٰتِ ٱلْبَرِّ وَٱلْبَحْرِ ۗ قَدْ فَصَّلْنَا ٱلْءَايَٰتِ لِقَوْمٍ يَعْلَمُونَ ﴿٩٧﴾

98. Siya (Allah) ang lumikha sa inyo mula sa isang tao (Adan), at nagkaloob sa inyo ng lugar na pananahanan (sa sinapupunan ng ina), at ng lugar na inyong kahihimpilan (sa gulugod ng inyong ama). Katotohanan, Aming ipinaliwanag sa masusing paraan ang Aming kapahayagan (ang Qur'an) sa mga tao na may pang-unawa.

وَهُوَ ٱلَّذِىٓ أَنشَأَكُم مِّن نَّفْسٍ وَٰحِدَةٍ فَمُسْتَقَرٌّ وَمُسْتَوْدَعٌ ۗ قَدْ فَصَّلْنَا ٱلْءَايَٰتِ لِقَوْمٍ يَفْقَهُونَ ﴿٩٨﴾

99. Siya (Allah) ang nagpapamalisbis sa inyo ng ulan mula sa alapaap, at dito (sa kalupaan) ay Aming pinasibol ang lahat ng uri ng mga halaman, at mula rito ay Aming pinalabas ang mga luntiang pasyok (stalks), na mula (rin) dito ay Aming pinalitaw ang makapal at kumpul-kumpol na mga butil. At mula sa palmera (datiles) at sa kanyang talulot ay lumabas ang mga kumpol ng bunga (datiles) na mababang nakabitin at abot-kamay, at mga halamanan ng ubas, oliba at granada (pomegrenates), ang bawat isa ay magkatulad (sa uri), datapuwa't magkaiba (sa karamihan at lasa). Pagmasdan, ang kanilang mga bunga nang sila ay nagsimula nang mamunga, at ang kanilang pagkahinog. Katotohanan, nasa mga bagay na ito ang mga Tanda sa mga tao na may pananampalataya.

وَهُوَ ٱلَّذِى أَنزَلَ مِنَ ٱلسَّمَآءِ مَآءً فَأَخْرَجْنَا بِهِۦ نَبَاتَ كُلِّ شَىْءٍ فَأَخْرَجْنَا مِنْهُ خَضِرًا نُّخْرِجُ مِنْهُ حَبًّا مُّتَرَاكِبًا وَمِنَ ٱلنَّخْلِ مِن طَلْعِهَا قِنْوَانٌ دَانِيَةٌ وَجَنَّٰتٍ مِّنْ أَعْنَابٍ وَٱلزَّيْتُونَ وَٱلرُّمَّانَ مُشْتَبِهًا وَغَيْرَ مُتَشَٰبِهٍ ۗ ٱنظُرُوٓا۟ إِلَىٰ ثَمَرِهِۦٓ إِذَآ أَثْمَرَ وَيَنْعِهِۦٓ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكُمْ لَءَايَٰتٍ لِّقَوْمٍ يُؤْمِنُونَ ﴿٩٩﴾

100. At sila ay nag-akibat sa mga *Jinn* bilang mga katambal sa pagsamba kay Allah, bagama't Siya ang lumikha sa kanila (mga *Jinn*), at sila ay nagturing ng mga anak na lalaki at mga anak na babae kay Allah sa kabulaanan, na rito sila ay walang kaalaman. Luwalhatiin Siya! Siya ay

وَجَعَلُوا۟ لِلَّهِ شُرَكَآءَ ٱلْجِنَّ وَخَلَقَهُمْ ۖ وَخَرَقُوا۟ لَهُۥ بَنِينَ وَبَنَٰتٍۭ بِغَيْرِ عِلْمٍ ۚ سُبْحَٰنَهُۥ وَتَعَٰلَىٰ عَمَّا يَصِفُونَ ﴿١٠٠﴾

higit na mataas (sa lahat) ng kanilang iniaakibat sa Kanya.

101. Siya ang Pinagmulan ng mga kalangitan at kalupaan. Paano Siya magkakaroon ng anak gayong Siya ay walang asawa? At Siya ang lumikha ng lahat ng bagay at Siya ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ng bagay.

بَدِيعُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ أَنَّىٰ يَكُونُ لَهُۥ وَلَدٌ وَلَمْ تَكُن لَّهُۥ صَٰحِبَةٌ وَخَلَقَ كُلَّ شَىْءٍ ۖ وَهُوَ بِكُلِّ شَىْءٍ عَلِيمٌ ﴿١٠١﴾

102. Siya si Allah, ang inyong Panginoon! *La ilaha illa Huwa* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), ang Manlilikha ng lahat ng bagay. Kaya't tanging sambahin Siya, at Siya ang *Wakil* (ang Tagapamahala, ang Tagapagpatupad ng lahat ng mga pangyayari, ang Tagapagbantay) sa lahat ng bagay.

ذَٰلِكُمُ ٱللَّهُ رَبُّكُمْ ۖ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ۖ خَٰلِقُ كُلِّ شَىْءٍ فَٱعْبُدُوهُ ۚ وَهُوَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ وَكِيلٌ ﴿١٠٢﴾

103. Siya ay hindi maaabot ng paningin (ng tao), datapuwa't abot Niya ang lahat ng paningin. Siya ang Pinakamabanayad at Pinakamapitagan, ang Puspos ng Kaalaman sa lahat ng bagay.

لَّا تُدْرِكُهُ ٱلْأَبْصَٰرُ وَهُوَ يُدْرِكُ ٱلْأَبْصَٰرَ ۖ وَهُوَ ٱللَّطِيفُ ٱلْخَبِيرُ ﴿١٠٣﴾

104. Katotohanan, ang mga Katibayan ay dumatal sa inyo mula sa inyong Panginoon, kaya't sinuman ang makamalas at magsagawa nito (ay para sa kapakanan) ng kanyang sarili, at sinuman ang maghatid ng pagkabulag sa kanyang sarili ay nagsasagawa nito sa kanyang sariling kapahamakan, at ako (Muhammad) ay hindi tagapagbantay sa inyo.

قَدْ جَآءَكُم بَصَآئِرُ مِن رَّبِّكُمْ ۖ فَمَنْ أَبْصَرَ فَلِنَفْسِهِۦ ۖ وَمَنْ عَمِىَ فَعَلَيْهَا ۚ وَمَآ أَنَا۠ عَلَيْكُم بِحَفِيظٍ ﴿١٠٤﴾

105. Kaya't sa ganito Namin ipinapaliwanag ang mga Talata sa masusing paraan upang sila (na hindi sumasampalataya) ay mangusap: "Ikaw (Muhammad) ay nakapag-aral (ng mga Aklat ng Angkan ng Kasulatan o natutuhan mo ito mula sa iba)", at upang magawa Namin ang mga bagay-bagay na maging maliwanag sa mga tao na may karunungan.

وَكَذَٰلِكَ نُصَرِّفُ ٱلْءَايَٰتِ وَلِيَقُولُوا۟ دَرَسْتَ وَلِنُبَيِّنَهُۥ لِقَوْمٍ يَعْلَمُونَ ﴿١٠٥﴾

106. Sundin mo kung ano ang ipinahayag sa iyo (O Muhammad) mula sa iyong Panginoon. *La ilaha illa Huwa* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), at iyong talikdan sila na nagtatambal

ٱتَّبِعْ مَآ أُوحِىَ إِلَيْكَ مِن رَّبِّكَ ۖ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ۖ وَأَعْرِضْ عَنِ ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿١٠٦﴾

ng iba pa sa pagsamba kay Allah.

وَلَوْ شَآءَ ٱللَّهُ مَآ أَشْرَكُوا۟ ۗ وَمَا جَعَلْنَٰكَ عَلَيْهِمْ حَفِيظًا ۖ وَمَآ أَنتَ عَلَيْهِم بِوَكِيلٍ ﴿١٠٧﴾

107. Kung ninais lamang ni Allah, hindi nila magagawa na mag-akibat pa ng iba sa pagsamba maliban pa kay Allah. At ikaw ay hindi Namin ginawa na kanilang tagapagbantay, gayundin, ikaw ay hindi itinalaga sa kanila upang pamahalaan ang kanilang ginagawa.

وَلَا تَسُبُّوا۟ ٱلَّذِينَ يَدْعُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ فَيَسُبُّوا۟ ٱللَّهَ عَدْوًۢا بِغَيْرِ عِلْمٍ ۗ كَذَٰلِكَ زَيَّنَّا لِكُلِّ أُمَّةٍ عَمَلَهُمْ ثُمَّ إِلَىٰ رَبِّهِم مَّرْجِعُهُمْ فَيُنَبِّئُهُم بِمَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿١٠٨﴾

108. At huwag ninyong insultuhin yaong sinasamba (ng mga hindi nananampalataya) maliban pa kay Allah, baka (ang mangyari) ay kanilang insultuhin si Allah sa kamalian dahilan sa kawalan nila ng kaalaman. Kaya't ginawa Naming kalugud-lugod sa bawat tao (pamayanan) ang kanyang sariling gawain; at sa kanilang Panginoon ang kanilang pagbabalik at Siya ang magpapahayag sa kanilang lahat ng kanilang ginawa.

وَأَقْسَمُوا۟ بِٱللَّهِ جَهْدَ أَيْمَٰنِهِمْ لَئِن جَآءَتْهُمْ ءَايَةٌ لَّيُؤْمِنُنَّ بِهَا ۖ قُلْ إِنَّمَا ٱلْءَايَٰتُ عِندَ ٱللَّهِ ۖ وَمَا يُشْعِرُكُمْ أَنَّهَآ إِذَا جَآءَتْ لَا يُؤْمِنُونَ ﴿١٠٩﴾

109. At sila ay nanunumpa ng kanilang pinakamatibay na pangako kay Allah, na kapag may dumating sa kanila na isang Tanda (Himala), katiyakang dito sila ay sasampalataya. Ipagbadya: "Ang mga Tanda (Himala) ay natatangi lamang kay Allah." At inyong maalaman (O mga Muslim), na kahit na ito (ang tanda) ay dumatal (sa kanila), sila pa rin ay hindi mananampalataya?"

وَنُقَلِّبُ أَفْـِٔدَتَهُمْ وَأَبْصَٰرَهُمْ كَمَا لَمْ يُؤْمِنُوا۟ بِهِۦٓ أَوَّلَ مَرَّةٍ وَنَذَرُهُمْ فِى طُغْيَٰنِهِمْ يَعْمَهُونَ ﴿١١٠﴾

110. At Aming ibabaling ang kanilang puso at kanilang paningin nang malayo sa patnubay (upang sa gayon ay hindi nila mapakinabangan ang ganitong mga tanda), katulad ng kanilang pagtanggi na manalig dito noon pa mang una, at sila ay Aming hahayaan sa kanilang paglabag upang (sila) ay gumala-gala na tila bulag.

111. At kahit na Kami ay magpapanaog sa kanila ng mga anghel, at ang mga patay ay mangusap sa kanila, at Aming tipunin nang sama-sama ang lahat ng bagay sa harapan ng kanilang paningin (upang tugunan ang kanilang kahilingan), sila ay hindi sasampalataya maliban na pahintulutan ni Allah, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay nag-asal ng walang kamuwangan.

۞ وَلَوْ أَنَّنَا نَزَّلْنَآ إِلَيْهِمُ ٱلْمَلَٰٓئِكَةَ وَكَلَّمَهُمُ ٱلْمَوْتَىٰ وَحَشَرْنَا عَلَيْهِمْ كُلَّ شَىْءٍ قُبُلًا مَّا كَانُوا۟ لِيُؤْمِنُوٓا۟ إِلَّآ أَن يَشَآءَ ٱللَّهُ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَهُمْ يَجْهَلُونَ ﴿١١١﴾

112. At gayundin, Kami ay nagtalaga sa bawat isang Propeta ng isang kaaway, na mga demonyo (mula) sa lipon ng sangkatauhan at mga *Jinn*, na nagtatagubilin sa isa't isa ng magagandang pananalita bilang isang pagliligaw (o isang paraan ng panlilinlang). Kung ninais lamang ng iyong Panginoon, sila ay hindi gagawa ng mga gayon, kaya't iyong hayaan sila sa kanilang mga kabulaanan.

وَكَذَٰلِكَ جَعَلْنَا لِكُلِّ نَبِىٍّ عَدُوًّا شَيَٰطِينَ ٱلْإِنسِ وَٱلْجِنِّ يُوحِى بَعْضُهُمْ إِلَىٰ بَعْضٍ زُخْرُفَ ٱلْقَوْلِ غُرُورًا ۚ وَلَوْ شَآءَ رَبُّكَ مَا فَعَلُوهُ ۖ فَذَرْهُمْ وَمَا يَفْتَرُونَ ﴿١١٢﴾

113. At ito ay upang mangyari na ang puso ng mga hindi sumasampalataya sa Kabilang Buhay ay mahilig sa gayong pandaraya (panlilinlang), at upang sila ay manatili na nalulugod dito, at upang sila ay masadlak sa mga bagay na kanilang ginagawa (tulad ng lahat ng uri ng kasalanan).

وَلِتَصْغَىٰٓ إِلَيْهِ أَفْـِٔدَةُ ٱلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ بِٱلْـَٔاخِرَةِ وَلِيَرْضَوْهُ وَلِيَقْتَرِفُوا۟ مَا هُم مُّقْتَرِفُونَ ﴿١١٣﴾

114. Ipagbadya (O Muhammad): "Ako baga ay maghahanap ng isang hukom maliban pa kay Allah, samantalang Siya ang nagpapanaog sa inyo ng Aklat (ang Qur'an) na ipinaliwanag sa masusing paraan." Sila na pinagkalooban Namin ng Kasulatan (*Torah* [mga Batas] at Ebanghelyo) ay nakakaalam na ito ay ipinanaog mula sa inyong Panginoon sa katotohanan. Kaya't huwag kang mapabilang sa kanila na nag-aalinlangan (sa anumang inspirasyon na ipinahayag sa iyo).

أَفَغَيْرَ ٱللَّهِ أَبْتَغِى حَكَمًا وَهُوَ ٱلَّذِىٓ أَنزَلَ إِلَيْكُمُ ٱلْكِتَٰبَ مُفَصَّلًا ۚ وَٱلَّذِينَ ءَاتَيْنَٰهُمُ ٱلْكِتَٰبَ يَعْلَمُونَ أَنَّهُۥ مُنَزَّلٌ مِّن رَّبِّكَ بِٱلْحَقِّ ۖ فَلَا تَكُونَنَّ مِنَ ٱلْمُمْتَرِينَ ﴿١١٤﴾

115. At ang Salita ng iyong Panginoon ay natupad sa katotohanan at sa katarungan. Walang sinuman ang makapagpapabago ng Kanyang mga Salita. At Siya ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam.

وَتَمَّتْ كَلِمَتُ رَبِّكَ صِدْقًا وَعَدْلًا ۖ لَّا مُبَدِّلَ لِكَلِمَٰتِهِۦ ۚ وَهُوَ ٱلسَّمِيعُ ٱلْعَلِيمُ ﴿١١٥﴾

116. At kung ikaw ay susunod sa karamihan sa

وَإِن تُطِعْ أَكْثَرَ مَن فِى ٱلْأَرْضِ

يُضِلُّوكَ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ ۚ إِن يَتَّبِعُونَ إِلَّا ٱلظَّنَّ وَإِنْ هُمْ إِلَّا يَخْرُصُونَ ﴿١١٦﴾

kanila na nasa kalupaan, ikaw ay kanilang ililigaw nang malayo sa Landas ni Allah. Wala silang sinusunod kundi mga haka-haka lamang at wala silang ginagawa kundi kasinungalingan.

إِنَّ رَبَّكَ هُوَ أَعْلَمُ مَن يَضِلُّ عَن سَبِيلِهِۦ ۖ وَهُوَ أَعْلَمُ بِٱلْمُهْتَدِينَ ﴿١١٧﴾

117. Katotohanan, ang iyong Panginoon! Siya ang tunay na nakatatalos kung sino ang napapaligaw sa Kanyang Landas, at batid Niya kung sino ang tumpak na napapatnubayan.

فَكُلُوا۟ مِمَّا ذُكِرَ ٱسْمُ ٱللَّهِ عَلَيْهِ إِن كُنتُم بِـَٔايَـٰتِهِۦ مُؤْمِنِينَ ﴿١١٨﴾

118. Kaya't inyong kainin ang (karne o laman ng hayop) na ang Ngalan ni Allah ay inusal (habang kinakatay ang hayop) kung kayo ay sumasampalataya sa Kanyang *Ayat* (mga katibayan, aral, tanda, kapahayagan).

وَمَا لَكُمْ أَلَّا تَأْكُلُوا۟ مِمَّا ذُكِرَ ٱسْمُ ٱللَّهِ عَلَيْهِ وَقَدْ فَصَّلَ لَكُم مَّا حَرَّمَ عَلَيْكُمْ إِلَّا مَا ٱضْطُرِرْتُمْ إِلَيْهِ ۗ وَإِنَّ كَثِيرًا لَّيُضِلُّونَ بِأَهْوَآئِهِم بِغَيْرِ عِلْمٍ ۗ إِنَّ رَبَّكَ هُوَ أَعْلَمُ بِٱلْمُعْتَدِينَ ﴿١١٩﴾

119. At bakit hindi ninyo kakainin ang gayong (karne), na ang Ngalan ni Allah ay inusal (sa sandali nang pagkatay nito), samantalang ipinaliwanag Niya sa inyo sa masusing paraan kung ano ang ipinagbabawal sa inyo, maliban na lamang sa mga hindi maiiwasang (pangyayari) dahilan sa (matinding) pangangailangan? At katotohanan, marami ang umaakay (sa sangkatauhan) na maligaw sa pamamagitan ng kanilang sariling pagnanasa dahilan sa kawalan ng karunungan. Katiyakang talastas ng iyong Panginoon ang mga lumalabag.

وَذَرُوا۟ ظَـٰهِرَ ٱلْإِثْمِ وَبَاطِنَهُۥ ۚ إِنَّ ٱلَّذِينَ يَكْسِبُونَ ٱلْإِثْمَ سَيُجْزَوْنَ بِمَا كَانُوا۟ يَقْتَرِفُونَ ﴿١٢٠﴾

120. Iwan ninyo (O sangkatauhan) ang lahat ng uri ng kasalanan, lantad man o lihim. Katotohanan, ang gumagawa ng kasalanan ay parurusahan ng nararapat na kabayaran sa kanilang mga ginawa.

وَلَا تَأْكُلُوا۟ مِمَّا لَمْ يُذْكَرِ ٱسْمُ ٱللَّهِ عَلَيْهِ وَإِنَّهُۥ لَفِسْقٌ ۗ وَإِنَّ ٱلشَّيَـٰطِينَ لَيُوحُونَ إِلَىٰٓ أَوْلِيَآئِهِمْ لِيُجَـٰدِلُوكُمْ ۖ وَإِنْ أَطَعْتُمُوهُمْ إِنَّكُمْ لَمُشْرِكُونَ ﴿١٢١﴾

121. Huwag ninyong kainin (O mga sumasampalataya) ang karne na hindi inusal ang Ngalan ni Allah (sa sandali nang pagkatay nito; katulad ng namatay na hayop o inialay sa mga diyus-diyosan), katiyakang ito ay *Fisq* (isang kasalanan at pagsuway kay Allah). At katiyakan, ang mga diyablo (demonyo) ay nang-uulot sa kanilang mga kaibigan (mula sa sangkatauhan) na makipagtalo sa inyo, at kung sila ay inyong sundin (na gawing pinahihintulutan ang *almaytah* [patay na karne] na kainin ito), kung gayon, katiyakang kayo ay

Mushrikun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, sapagkat ang mga diyablo at ang kanilang mga kaibigan ay ginawang pinahihintulutan sa inyo ang bagay na ipinagbabawal ni Allah na kainin, at sa pagsunod sa kanila, ito ay isang pagsamba sa kanila).

أَوَمَن كَانَ مَيْتًا فَأَحْيَيْنَٰهُ وَجَعَلْنَا لَهُۥ نُورًا يَمْشِى بِهِۦ فِى ٱلنَّاسِ كَمَن مَّثَلُهُۥ فِى ٱلظُّلُمَٰتِ لَيْسَ بِخَارِجٍ مِّنْهَا ۚ كَذَٰلِكَ زُيِّنَ لِلْكَٰفِرِينَ مَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿١٢٢﴾

122. Siya kaya na patay (walang pananampalataya) na ginawaran Namin ng buhay (pinatnubayan sa pananampalataya), upang siya ay makalakad sa lipon ng mga tao, ay katulad niya na nasa kadiliman (nasa kawalan ng pananalig, pagsamba sa diyus-diyosan at pagkukunwari), na rito siya ay hindi makakalabas? Kaya't ginawa na maging kalugud-lugod sa mga hindi sumasampalataya ang mga bagay na kanilang ginagawa.

وَكَذَٰلِكَ جَعَلْنَا فِى كُلِّ قَرْيَةٍ أَكَٰبِرَ مُجْرِمِيهَا لِيَمْكُرُوا۟ فِيهَا ۖ وَمَا يَمْكُرُونَ إِلَّا بِأَنفُسِهِمْ وَمَا يَشْعُرُونَ ﴿١٢٣﴾

123. At Aming itinalaga sa bawat bayan ang pinakamagaling sa kanilang mga tao sa kabuktutan upang magbalak (ng kasamaan) dito. Datapuwa't sila ay walang binalak, maliban na ito ay laban sa kanilang sarili, at ito ay hindi nila napag-aakala.

وَإِذَا جَآءَتْهُمْ ءَايَةٌ قَالُوا۟ لَن نُّؤْمِنَ حَتَّىٰ نُؤْتَىٰ مِثْلَ مَآ أُوتِىَ رُسُلُ ٱللَّهِ ۘ ٱللَّهُ أَعْلَمُ حَيْثُ يَجْعَلُ رِسَالَتَهُۥ ۗ سَيُصِيبُ ٱلَّذِينَ أَجْرَمُوا۟ صَغَارٌ عِندَ ٱللَّهِ وَعَذَابٌ شَدِيدٌۢ بِمَا كَانُوا۟ يَمْكُرُونَ ﴿١٢٤﴾

124. At nang may dumatal sa kanila na isang Tanda (mula kay Allah), sila ay nagsabi: "Kami ay hindi sasampalataya hangga't hindi namin natatanggap ang (mga Himala na) katulad nang tinanggap ng mga Sugo ni Allah." Si Allah ang higit na nakakaalam kung kanino Niya ibibigay ang Kanyang Mensahe. Kaabaan at kawalang-kahihiyan mula kay Allah at isang matinding kaparusahan ang lalagom sa mga kriminal (mapagsamba sa diyus-diyosan at makasalanan), dahilan sa ginawa nilang pagbabalak (pakana).

فَمَن يُرِدِ ٱللَّهُ أَن يَهْدِيَهُۥ يَشْرَحْ صَدْرَهُۥ لِلْإِسْلَٰمِ ۖ وَمَن يُرِدْ أَن يُضِلَّهُۥ يَجْعَلْ صَدْرَهُۥ ضَيِّقًا حَرَجًا كَأَنَّمَا يَصَّعَّدُ فِى ٱلسَّمَآءِ ۚ كَذَٰلِكَ يَجْعَلُ ٱللَّهُ ٱلرِّجْسَ عَلَى ٱلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ ﴿١٢٥﴾

125. At sinuman ang naisin ni Allah na patnubayan, binubuksan Niya ang kanyang dibdib sa Islam, at kung sinuman ang Kanyang naisin na mapaligaw, ginagawa Niya ang kanyang dibdib ay nakapinid at nakaikom, na wari bang siya ay pumapanhik sa alapaap. Kaya't sa ganito inilalagay ni Allah ang Kanyang pagkapoot (pagpaparusa) sa kanila na hindi nananampalataya.

وَهَٰذَا صِرَاطُ رَبِّكَ مُسْتَقِيمًا ۗ قَدْ فَصَّلْنَا
ٱلْآيَٰتِ لِقَوْمٍ يَذَّكَّرُونَ ﴿١٢٦﴾

126. At ito ang Landas ng iyong Panginoon (ang Qur'an at Islam) na humahantong sa katuwiran. Aming ipinaliwanag sa masusing paraan ang Aming mga tanda (kapahayagan) sa mga tao na nakakaunawa ng paala-ala.

لَهُمْ دَارُ ٱلسَّلَٰمِ عِندَ رَبِّهِمْ ۖ وَهُوَ وَلِيُّهُم
بِمَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿١٢٧﴾

127. Sasakanila ang Tahanan ng Kapayapaan (Paraiso) na iginawad ng kanilang Panginoon. At Siya ang kanilang magiging *Wali* (Tagapagtanggol at Tagapangalaga) dahilan sa kanilang mababuting gawa.

وَيَوْمَ يَحْشُرُهُمْ جَمِيعًا يَٰمَعْشَرَ ٱلْجِنِّ قَدِ
ٱسْتَكْثَرْتُم مِّنَ ٱلْإِنسِ ۖ وَقَالَ أَوْلِيَآؤُهُم مِّنَ
ٱلْإِنسِ رَبَّنَا ٱسْتَمْتَعَ بَعْضُنَا بِبَعْضٍ وَبَلَغْنَآ
أَجَلَنَا ٱلَّذِىٓ أَجَّلْتَ لَنَا ۚ قَالَ ٱلنَّارُ مَثْوَىٰكُمْ
خَٰلِدِينَ فِيهَآ إِلَّا مَا شَآءَ ٱللَّهُ ۚ إِنَّ رَبَّكَ حَكِيمٌ
عَلِيمٌ ﴿١٢٨﴾

128. At (alalahanin, O Muhammad) sa araw na silang lahat (mga tao at *Jinn*) ay Kanyang titipunin nang sama-sama (at magwiwika): "O kayong lipon ng mga *Jinn*! Marami sa sangkatauhan ang inyong nilinlang (iniligaw)," at ang kanilang *auliya* (kaibigan at katulong) sa lipon ng mga tao ay magsasabi: "Aming Panginoon, kami ay nakinabang sa isa't isa, subalit ngayon ay sinapit na namin ang natatakdaang panahon na Inyong itinalaga sa amin." Siya (Allah) ay magwiwika: "Ang Apoy ang inyong magiging tahanan, mananahan kayo rito magpakailanman, maliban (na lamang) sa sinumang naisin ni Allah. Katiyakan, ang iyong Panginoon ay Tigib ng Karunungan at Ganap na Maalam."

وَكَذَٰلِكَ نُوَلِّى بَعْضَ ٱلظَّٰلِمِينَ بَعْضًۢا بِمَا كَانُوا۟
يَكْسِبُونَ ﴿١٢٩﴾

129. At sa gayon Namin ginawa ang ilan sa *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian) bilang *auliya* (tagapagtaguyod at kapanalig) ng ilan sa kanila (sa paggawa ng krimen), dahilan sa kanilang mga ginawa.

يَٰمَعْشَرَ ٱلْجِنِّ وَٱلْإِنسِ أَلَمْ يَأْتِكُمْ رُسُلٌ
مِّنكُمْ يَقُصُّونَ عَلَيْكُمْ ءَايَٰتِى
وَيُنذِرُونَكُمْ لِقَآءَ يَوْمِكُمْ هَٰذَا ۚ قَالُوا۟ شَهِدْنَا
عَلَىٰٓ أَنفُسِنَا ۖ وَغَرَّتْهُمُ ٱلْحَيَوٰةُ ٱلدُّنْيَا وَشَهِدُوا۟
عَلَىٰٓ أَنفُسِهِمْ أَنَّهُمْ كَانُوا۟ كَٰفِرِينَ ﴿١٣٠﴾

130. O kayong lipon ng mga *Jinn* at Sangkatauhan! "Hindi baga dumatal sa inyo ang mga Sugo mula sa lipon ninyo, na dumadalit sa inyo ng Aking mga Talata at nagbababala sa inyo ng pakikipagtipan sa Araw na ito?" Sila ay mangungusap: "Kami ay nagpapatotoo (sumasaksi) laban sa aming sarili." Ang buhay sa mundong ito ang luminlang sa kanila. At sila ang sumaksi laban sa kanilang sarili na sila ay hindi mga nananampalataya.

ذَٰلِكَ أَن لَّمْ يَكُن رَّبُّكَ مُهْلِكَ ٱلْقُرَىٰ بِظُلْمٍ وَأَهْلُهَا غَٰفِلُونَ ﴿١٣١﴾

131. Sapagkat ang iyong Panginoon ay hindi magwawasak sa mga bayan ng walang katarungan, habang ang mga nananahan dito ay walang kaalaman (kaya nga't ang mga Sugo ay isinugo).

وَلِكُلٍّ دَرَجَٰتٌ مِّمَّا عَمِلُوا۟ ۚ وَمَا رَبُّكَ بِغَٰفِلٍ عَمَّا يَعْمَلُونَ ﴿١٣٢﴾

132. At para sa lahat ay mayroong antas (o ranggo) na naaayon sa kanilang ginawa. At ang iyong Panginoon ay hindi nakakalimot ng kanilang ginagawa.

وَرَبُّكَ ٱلْغَنِىُّ ذُو ٱلرَّحْمَةِ ۚ إِن يَشَأْ يُذْهِبْكُمْ وَيَسْتَخْلِفْ مِنۢ بَعْدِكُم مَّا يَشَآءُ كَمَآ أَنشَأَكُم مِّن ذُرِّيَّةِ قَوْمٍ ءَاخَرِينَ ﴿١٣٣﴾

133. At ang iyong Panginoon ay Masagana (hindi nangangailangan ng anupaman), ang Tigib ng Habag; kung Kanyang naisin, kayo ay Kanyang mawawasak, at Siya ay makagagawa ng papalit sa inyo kung Kanyang nanaisin, katulad ng Kanyang paglikha sa inyo mula sa supling ng ibang mga tao.

إِنَّ مَا تُوعَدُونَ لَءَاتٍ ۙ وَمَآ أَنتُم بِمُعْجِزِينَ ﴿١٣٤﴾

134. Katotohanan, ang (kaparusahang) ipinangako sa inyo ay katiyakang magaganap, at kayo ay hindi makakatakas (sa kaparusahan ni Allah).

قُلْ يَٰقَوْمِ ٱعْمَلُوا۟ عَلَىٰ مَكَانَتِكُمْ إِنِّى عَٰمِلٌ ۖ فَسَوْفَ تَعْلَمُونَ مَن تَكُونُ لَهُۥ عَٰقِبَةُ ٱلدَّارِ ۖ إِنَّهُۥ لَا يُفْلِحُ ٱلظَّٰلِمُونَ ﴿١٣٥﴾

135. Ipagbadya (O Muhammad): "O aking pamayanan! Magsigawa kayo nang ayon sa inyong paraan, katiyakang ako rin ay gumagawa (sa aking paraan), at inyong mapag-aalaman kung sino sa atin ang magiging (maligaya) sa katapusan sa Kabilang Buhay. Katiyakan, ang *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kabuktutan) ay hindi magtatagumpay.

وَجَعَلُوا۟ لِلَّهِ مِمَّا ذَرَأَ مِنَ ٱلْحَرْثِ وَٱلْأَنْعَٰمِ نَصِيبًا فَقَالُوا۟ هَٰذَا لِلَّهِ بِزَعْمِهِمْ وَهَٰذَا لِشُرَكَآئِنَا ۖ فَمَا كَانَ لِشُرَكَآئِهِمْ فَلَا يَصِلُ إِلَى ٱللَّهِ ۖ وَمَا كَانَ لِلَّهِ فَهُوَ يَصِلُ إِلَىٰ شُرَكَآئِهِمْ ۗ سَآءَ مَا يَحْكُمُونَ ﴿١٣٦﴾

136. At sila (mga pagano, mga mapagsamba sa diyus-diyosan) ay nagtatakda sa mga bagay na nilikha ni Allah ng isang bahagi ng mga aning-pananim at hayupan at nagsasabi: "Ito ay para kay Allah ayon sa kanilang pag-aakala, at ito ay para sa aming (mga tinatawag) na mga katambal (ni Allah)." Datapuwa't ang bahagi ng kanilang itinuturing na mga katambal ni Allah (diyus-diyosan) ay hindi nakakarating kay Allah, datapuwa't ang bahagi para kay Allah ay nakakarating sa kanilang mga diyus-diyosan. Kasamaan yaong kanilang ipinatutupad.

وَكَذَٰلِكَ زَيَّنَ لِكَثِيرٍ مِّنَ

137. At gayundin, sa paningin ng karamihan sa

Mushrikun (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano), ang diyablo (satanas) ay ginawa na maging kalugud-lugod sa kanila ang pagpatay sa kanilang mga anak, upang sila ay humantong sa kanilang sariling pagkawasak at magbigay ng kalituhan sa kanilang pananampalataya. At kung ninais lamang ni Allah, ito ay hindi sana nila magagawa. Kaya't sila ay iwanan ninyo (na nag-iisa) sa kanilang kabulaanan.

ٱلْمُشْرِكِينَ قَتْلَ أَوْلَـٰدِهِمْ شُرَكَآؤُهُمْ لِيُرْدُوهُمْ وَلِيَلْبِسُوا۟ عَلَيْهِمْ دِينَهُمْ ۖ وَلَوْ شَآءَ ٱللَّهُ مَا فَعَلُوهُ ۖ فَذَرْهُمْ وَمَا يَفْتَرُونَ ﴿١٣٧﴾

138. At sila ay nagsasabi:, "Itong mga hayupan (bakahan) at mga aning-pananim ay hindi pinahihintulutan (sa iba), walang sinuman ang maaaring kumain nito maliban sa aming maibigan", ayon sa kanilang pagpapamarali. "At ito ang mga kamelyo na ang kanilang likod ay ipinagbabawal", at hayupan (baka at kauri nito) na sa harapan nito ay hindi inusal ang Ngalan ni Allah, (ang lahat ng ito) ay pagsisinungaling laban sa Kanya (Allah); katotohanang Kanyang gagantihan (parurusahan) sila dahil sa kanilang kinakatha (na mga kasinungalingan laban sa Kanya).

وَقَالُوا۟ هَـٰذِهِۦٓ أَنْعَـٰمٌ وَحَرْثٌ حِجْرٌ لَّا يَطْعَمُهَآ إِلَّا مَن نَّشَآءُ بِزَعْمِهِمْ وَأَنْعَـٰمٌ حُرِّمَتْ ظُهُورُهَا وَأَنْعَـٰمٌ لَّا يَذْكُرُونَ ٱسْمَ ٱللَّهِ عَلَيْهَا ٱفْتِرَآءً عَلَيْهِ ۚ سَيَجْزِيهِم بِمَا كَانُوا۟ يَفْتَرُونَ ﴿١٣٨﴾

139. At sila (*Mushrikun*) ay nagsasabi: "Kung ano ang nasa sinapupunan (tiyan) ng gayong bakahan, ito ay para sa aming kalalakihan lamang, at ipinagbabawal sa aming kababaihan (bata at matanda), datapuwa't kung ito ay patay nang ipanganak, kung gayon, ang lahat ay may kabahagi rito." Siya (Allah) ay magpaparusa sa kanila, dahilan sa kanilang pagtatakda ng batas para sa kanilang sarili (na hindi ipinag-utos ni Allah). Katotohanang Siya ay Tigib ng Karunungan ang Ganap na Maalam.

وَقَالُوا۟ مَا فِى بُطُونِ هَـٰذِهِ ٱلْأَنْعَـٰمِ خَالِصَةٌ لِّذُكُورِنَا وَمُحَرَّمٌ عَلَىٰٓ أَزْوَٰجِنَا ۖ وَإِن يَكُن مَّيْتَةً فَهُمْ فِيهِ شُرَكَآءُ ۚ سَيَجْزِيهِمْ وَصْفَهُمْ ۚ إِنَّهُۥ حَكِيمٌ عَلِيمٌ ﴿١٣٩﴾

140. Katotohanang sila ay mga talunan (o naliligaw) na pumatay ng kanilang mga anak dahilan sa kahangalan, na walang kaalaman, at nagbawal sa mga bagay na ipinagkaloob sa kanila ni Allah, at kumakatha ng kasinungalingan laban kay Allah. Katotohanang sila ay humantong sa pagkaligaw at hindi napapatnubayan.

قَدْ خَسِرَ ٱلَّذِينَ قَتَلُوٓا۟ أَوْلَـٰدَهُمْ سَفَهًۢا بِغَيْرِ عِلْمٍ وَحَرَّمُوا۟ مَا رَزَقَهُمُ ٱللَّهُ ٱفْتِرَآءً عَلَى ٱللَّهِ ۚ قَدْ ضَلُّوا۟ وَمَا كَانُوا۟ مُهْتَدِينَ ﴿١٤٠﴾

141. At Siya (Allah) ang nagpayabong ng mga halaman na gumagapang sa balag at maging sa

۞ وَهُوَ ٱلَّذِىٓ أَنشَأَ جَنَّـٰتٍ مَّعْرُوشَـٰتٍ

وَغَيْرَ مَعْرُوشَٰتٍ وَٱلنَّخْلَ وَٱلزَّرْعَ مُخْتَلِفًا أُكُلُهُۥ وَٱلزَّيْتُونَ وَٱلرُّمَّانَ مُتَشَٰبِهًا وَغَيْرَ مُتَشَٰبِهٍ ۚ كُلُوا۟ مِن ثَمَرِهِۦٓ إِذَآ أَثْمَرَ وَءَاتُوا۟ حَقَّهُۥ يَوْمَ حَصَادِهِۦ ۖ وَلَا تُسْرِفُوٓا۟ ۚ إِنَّهُۥ لَا يُحِبُّ ٱلْمُسْرِفِينَ ﴿١٤١﴾

mga hindi gumagapang, at ng mga punong palmera (datiles), at mga pananim na may iba't ibang hugis at lasa (sa kanyang bunga at buto), at oliba, at mga granada (pomegrenates), na magkatulad sa uri at magkaiba sa lasa. Kumain kayo ng kanilang bunga kung sila ay mamunga, at magbayad kayo ng nauukol na kawanggawa rito (ang *Zakah* nito) sa araw ng pag-aani. At huwag maging mapag-aksaya (maluho). Katotohanang Siya ay hindi nalulugod sa mga maluluho.

وَمِنَ ٱلْأَنْعَٰمِ حَمُولَةً وَفَرْشًا ۚ كُلُوا۟ مِمَّا رَزَقَكُمُ ٱللَّهُ وَلَا تَتَّبِعُوا۟ خُطُوَٰتِ ٱلشَّيْطَٰنِ ۚ إِنَّهُۥ لَكُمْ عَدُوٌّ مُّبِينٌ ﴿١٤٢﴾

142. At sa mga bakahan (o kauri nito) ay may iba na ginagamit sa paghila (katulad ng kamelyo at kabayo), at ang iba ay maliliit na hindi makakahila ng mga dalahin (katulad ng tupa at kambing). Kumain kayo sa mga bagay na ipinagkaloob ni Allah sa inyo, at huwag ninyong sundan ang mga bakas ni Satanas. Katotohanang siya ay inyong lantad na kaaway.

ثَمَٰنِيَةَ أَزْوَٰجٍ ۖ مِّنَ ٱلضَّأْنِ ٱثْنَيْنِ وَمِنَ ٱلْمَعْزِ ٱثْنَيْنِ ۗ قُلْ ءَآلذَّكَرَيْنِ حَرَّمَ أَمِ ٱلْأُنثَيَيْنِ أَمَّا ٱشْتَمَلَتْ عَلَيْهِ أَرْحَامُ ٱلْأُنثَيَيْنِ ۖ نَبِّـُٔونِى بِعِلْمٍ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿١٤٣﴾

143. (Nilikha Niya para sa inyo) ang walong pares (ng bakahan o kauri nito), dalawa sa tupa (lalaki at babae) at dalawa sa kambing (lalaki at babae). Ipagbadya: "Yaon bang dalawang lalaki ang Kanyang ipinagbawal o yaong dalawang babae? O kaya (ang Kanyang ipinagbawal ay) yaong nasa loob ng sinapupunan ng dalawang babae (tupa at kambing)? Sabihin ninyo sa akin ng may kaalaman kung kayo ay matatapat -

وَمِنَ ٱلْإِبِلِ ٱثْنَيْنِ وَمِنَ ٱلْبَقَرِ ٱثْنَيْنِ ۗ قُلْ ءَآلذَّكَرَيْنِ حَرَّمَ أَمِ ٱلْأُنثَيَيْنِ أَمَّا ٱشْتَمَلَتْ عَلَيْهِ أَرْحَامُ ٱلْأُنثَيَيْنِ ۖ أَمْ كُنتُمْ شُهَدَآءَ إِذْ وَصَّىٰكُمُ ٱللَّهُ بِهَٰذَا ۚ فَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّنِ ٱفْتَرَىٰ عَلَى ٱللَّهِ كَذِبًا لِّيُضِلَّ ٱلنَّاسَ بِغَيْرِ عِلْمٍ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهْدِى ٱلْقَوْمَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿١٤٤﴾

144. At dalawa sa kamelyo (lalaki at babae), at dalawa sa baka (lalaki at babae). Ipagbadya: "Yaon bang dalawang lalaki ang Kanyang ipinagbawal o yaong dalawang babae? O kaya (ang Kanyang ipinagbawal ay) yaong nasa loob ng sinapupunan ng dalawang babae (baka at kamelyo)? O kayo baga ay nandoroon nang si Allah ay mag-utos sa inyo ng gayong bagay? Kung gayon, sino kaya ang higit na gumagawa ng kamalian maliban sa kanya na kumakatha ng kabulaanan laban kay Allah, upang akayin ang mga tao na maligaw ng walang kaalaman. Katiyakang si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-

diyosan, pagano, mapaggawa ng kamalian).

قُل لَّآ أَجِدُ فِي مَآ أُوحِيَ إِلَيَّ مُحَرَّمًا عَلَىٰ طَاعِمٍ يَطْعَمُهُۥٓ إِلَّآ أَن يَكُونَ مَيْتَةً أَوْ دَمًا مَّسْفُوحًا أَوْ لَحْمَ خِنزِيرٍ فَإِنَّهُۥ رِجْسٌ أَوْ فِسْقًا أُهِلَّ لِغَيْرِ ٱللَّهِ بِهِۦ ۚ فَمَنِ ٱضْطُرَّ غَيْرَ بَاغٍ وَلَا عَادٍ فَإِنَّ رَبَّكَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١٤٥﴾

145. Ipagbadya (O Muhammad): "Hindi ako nakakita sa mga bagay na ipinahayag sa akin ng anumang ipinagbabawal na kainin, sa mga nagnanais na kumain nito, maliban na lamang kung ito ay *Maytah* (patay na hayop), o dugong umagos (sa pagkakatay o katumbas nito), o laman (karne) ng baboy, sapagkat katiyakang ito ay hindi dalisay, o isang sakripisyo (o pag-aalay) na inialay sa iba pa maliban kay Allah, (o yaong mga kinatay para sa mga imahen, atbp., o yaong mga kinatay na ang Ngalan ni Allah ay hindi inusal [binanggit] dito sa sandali ng pagkatay). Datapuwa't kung sinuman ang napilitan dahilan sa matinding pangangailangan na walang kusang pagsuway at hindi nagmamalabis sa hangganan ng paglabag, (sa kanya) ay katiyakang ang iyong Panginoon ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain."

وَعَلَى ٱلَّذِينَ هَادُوا۟ حَرَّمْنَا كُلَّ ذِى ظُفُرٍ ۖ وَمِنَ ٱلْبَقَرِ وَٱلْغَنَمِ حَرَّمْنَا عَلَيْهِمْ شُحُومَهُمَآ إِلَّا مَا حَمَلَتْ ظُهُورُهُمَآ أَوِ ٱلْحَوَايَآ أَوْ مَا ٱخْتَلَطَ بِعَظْمٍ ۚ ذَٰلِكَ جَزَيْنَٰهُم بِبَغْيِهِمْ ۖ وَإِنَّا لَصَٰدِقُونَ ﴿١٤٦﴾

146. At sa kanila na mga Hudyo, Aming ipinagbawal ang bawat (hayop) na walang hati ang mga kuko, at ipinagbawal Namin sa kanila ang taba (mantika) ng kinapong baka at ng tupa, maliban sa nakakapit sa kanilang likod o sa kanilang lamang-loob, o ang nakahalo sa buto. Sa ganito, Aming pinarusahan sila sa kanilang paghihimagsik (sa paggawa ng mga krimen katulad ng pagpatay sa mga Propeta, pagpapatubo ng pera [*Riba*]). At tunay na Kami ay Makatotohanan (Matapat).

فَإِن كَذَّبُوكَ فَقُل رَّبُّكُمْ ذُو رَحْمَةٍ وَٰسِعَةٍ وَلَا يُرَدُّ بَأْسُهُۥ عَنِ ٱلْقَوْمِ ٱلْمُجْرِمِينَ ﴿١٤٧﴾

147. At kung sila (na mga Hudyo) ay magpabulaan sa iyo (O Muhammad), iyong ipagbadya: "Ang inyong Panginoon ang Nagmamay-ari ng Malawak na Habag, at hindi kailanman ang Kanyang poot ay magbabawa sa mga tao na *Mujrimun* (mga kriminal, sumasamba sa diyus-diyosan, makasalanan, buktot, tampalasan).

سَيَقُولُ ٱلَّذِينَ أَشْرَكُوا۟ لَوْ شَآءَ ٱللَّهُ مَآ أَشْرَكْنَا وَلَآ ءَابَآؤُنَا وَلَا حَرَّمْنَا مِن شَىْءٍ ۚ كَذَٰلِكَ كَذَّبَ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ

148. Sila na nagtatambal (sa pagsamba) kay Allah ay nagsasabi: "Kung ninais lamang ni Allah, kami sana ay hindi magtatambal (sa pagsamba) sa Kanya, gayundin ang aming mga

ninuno, at kami ay hindi magbabawal ng anumang bagay (na laban sa Kanyang Kalooban)." Sa gayon din nagpasinungaling ang mga nangauna sa kanila, (sila ay nakipagtalo ng walang katotohanan sa mga Sugo ni Allah), hanggang sa kanilang natikman ang Aming Poot. Ipagbadya: "Mayroon baga kayong kaalaman (katibayan) na inyong maipamamalas sa Aming harapan? Katotohanang wala kayong sinusunod kundi mga sapantaha at wala kayong ginagawa kundi kasinungalingan (lamang).

حَتَّىٰ ذَاقُوا۟ بَأْسَنَا ۗ قُلْ هَلْ عِندَكُم مِّنْ عِلْمٍ فَتُخْرِجُوهُ لَنَآ ۖ إِن تَتَّبِعُونَ إِلَّا ٱلظَّنَّ وَإِنْ أَنتُمْ إِلَّا تَخْرُصُونَ ﴿١٤٨﴾

149. Ipagbadya: "Na kay Allah ang lantay na Katibayan at pangangatwiran, kung Kanyang ninais lamang, katotohanang kayo ay mapapatnubayan Niyang lahat."

قُلْ فَلِلَّهِ ٱلْحُجَّةُ ٱلْبَٰلِغَةُ ۖ فَلَوْ شَآءَ لَهَدَىٰكُمْ أَجْمَعِينَ ﴿١٤٩﴾

150. Ipagbadya: "Itanghal ninyo sa harapan ang inyong mga saksi na makapagpapatotoo na ito ay ipinagbawal ni Allah. At kung sila ay magpatotoo, huwag kang sumaksi (maniwala [O Muhammad]) sa kanila. At hindi marapat na ikaw ay sumunod sa walang kabuluhan nilang pagnanasa, na nagtuturing sa Aming *Ayat* (mga katibayan, aral, kapahayagan, tanda) bilang kabulaanan, at sa kanila na hindi nananalig sa Kabilang Buhay, at tinatangkilik nila ang iba pa bilang kapantay ng kanilang Panginoon."

قُلْ هَلُمَّ شُهَدَآءَكُمُ ٱلَّذِينَ يَشْهَدُونَ أَنَّ ٱللَّهَ حَرَّمَ هَٰذَا ۖ فَإِن شَهِدُوا۟ فَلَا تَشْهَدْ مَعَهُمْ ۖ وَلَا تَتَّبِعْ أَهْوَآءَ ٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا وَٱلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ بِٱلْـَٔاخِرَةِ وَهُم بِرَبِّهِمْ يَعْدِلُونَ ﴿١٥٠﴾

151. Ipagbadya (O Muhammad): "Magsiparito kayo, aking dadalitin (sa inyo) kung ano ang ipinagbabawal ni Allah sa inyo; huwag kayong magtambal ng anupaman sa pagsamba sa Kanya; maging mabuti at masunurin sa inyong mga magulang; huwag ninyong patayin ang inyong mga anak dahilan sa kahirapan, Kami ang nagkakaloob ng ikabubuhay nila at ninyo; huwag kayong lumapit sa kahiya-hiyang kasalanan (kahalayan o pangangalunya), maging ito man ay nakalantad o nakalingid, at huwag ninyong patayin ang sinuman na ipinagbawal ni Allah, maliban kung ito ay sa makatarungang dahilan (na ayon sa Batas Islamiko). Ito ay Kanyang ipinag-utos sa inyo upang kayo ay makaunawa."

۞ قُلْ تَعَالَوْا۟ أَتْلُ مَا حَرَّمَ رَبُّكُمْ عَلَيْكُمْ ۖ أَلَّا تُشْرِكُوا۟ بِهِۦ شَيْـًٔا ۖ وَبِٱلْوَٰلِدَيْنِ إِحْسَٰنًا ۖ وَلَا تَقْتُلُوٓا۟ أَوْلَٰدَكُم مِّنْ إِمْلَٰقٍ ۖ نَّحْنُ نَرْزُقُكُمْ وَإِيَّاهُمْ ۖ وَلَا تَقْرَبُوا۟ ٱلْفَوَٰحِشَ مَا ظَهَرَ مِنْهَا وَمَا بَطَنَ ۖ وَلَا تَقْتُلُوا۟ ٱلنَّفْسَ ٱلَّتِى حَرَّمَ ٱللَّهُ إِلَّا بِٱلْحَقِّ ۚ ذَٰلِكُمْ وَصَّىٰكُم بِهِۦ لَعَلَّكُمْ تَعْقِلُونَ ﴿١٥١﴾

152. At huwag kayong lumapit sa ari-arian ng

وَلَا تَقْرَبُوا۟ مَالَ ٱلْيَتِيمِ إِلَّا بِٱلَّتِى هِىَ أَحْسَنُ

حَتَّىٰ يَبْلُغَ أَشُدَّهُۥ ۖ وَأَوْفُوا۟ ٱلْكَيْلَ وَٱلْمِيزَانَ بِٱلْقِسْطِ ۖ لَا نُكَلِّفُ نَفْسًا إِلَّا وُسْعَهَا ۖ وَإِذَا قُلْتُمْ فَٱعْدِلُوا۟ وَلَوْ كَانَ ذَا قُرْبَىٰ ۖ وَبِعَهْدِ ٱللَّهِ أَوْفُوا۟ ۚ ذَٰلِكُمْ وَصَّىٰكُم بِهِۦ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ ﴿١٥٢﴾

mga ulila, maliban na lamang kung ito ay inyong palaguin, hanggang sa siya ay umabot na sa hustong gulang at lakas; at ibigay ang hustong sukat at hustong timbang ng may katarungan (ito ay isang pag-uutos na panatilihin ang katarungan habang nagbibigay at kumukuha). Hindi Namin binibigyan ang isang tao ng dalahin nang higit sa kanyang makakaya (hindi isang kasalanan sa kanya kung siya ay nakagawa ng hindi sinasadyang pagkakamali matapos na gawin niyang lahat ang marapat at nagsikap na gawin ang tama). At kung kayo ay nagbibigay ng inyong salita (alalaong baga, ang humatol sa pagitan ng mga tao o magbigay ng patotoo), sabihin ninyo ang katotohanan, kahit na nga ang (inyong) malapit na kamag-anak ang nasasangkot, at inyong tuparin ang Kasunduan ni Allah. Ito ay Kanyang ipinag-utos sa inyo upang kayo ay makaala-ala.

وَأَنَّ هَٰذَا صِرَٰطِى مُسْتَقِيمًا فَٱتَّبِعُوهُ ۖ وَلَا تَتَّبِعُوا۟ ٱلسُّبُلَ فَتَفَرَّقَ بِكُمْ عَن سَبِيلِهِۦ ۚ ذَٰلِكُمْ وَصَّىٰكُم بِهِۦ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ ﴿١٥٣﴾

153. At katotohanang ito ang Aking Tuwid na Landas (alalaong baga, Ang Pag-uutos ni Allah na binabanggit sa mga talatang 151 at 152 na nakasulat sa itaas), kaya't sundin ninyo ito at huwag kayong sumunod (sa ibang) mga landas, sapagkat sila ang maghihiwalay sa inyo tungo sa Kanyang Landas. Ito ay Kanyang ipinag-utos sa inyo upang kayo ay maging *Muttaqun* (mga matimtiman at masunurin).

ثُمَّ ءَاتَيْنَا مُوسَى ٱلْكِتَٰبَ تَمَامًا عَلَى ٱلَّذِىٓ أَحْسَنَ وَتَفْصِيلًا لِّكُلِّ شَىْءٍ وَهُدًى وَرَحْمَةً لَّعَلَّهُم بِلِقَآءِ رَبِّهِمْ يُؤْمِنُونَ ﴿١٥٤﴾

154. At Aming ibinigay kay Moises ang Aklat (*Torah* [mga Batas]), upang Aming maganap (ang Aming Paglingap) sa mga gumagawa ng katuwiran, at nagpapaliwanag sa lahat ng bagay sa masusing paraan, at (bilang) patnubay at habag, upang sila ay magsipanalig sa kanilang pakikipagtipan sa kanilang Panginoon.

وَهَٰذَا كِتَٰبٌ أَنزَلْنَٰهُ مُبَارَكٌ فَٱتَّبِعُوهُ وَٱتَّقُوا۟ لَعَلَّكُمْ تُرْحَمُونَ ﴿١٥٥﴾

155. At ito ang Maluwalhating Aklat (ang Qur'an) na Aming ipinanaog (sa iyo, O Muhammad), kaya't sundin ninyo ito at pangambahan si Allah (alalaong baga, huwag suwayin ang Kanyang pag-uutos) upang kayo ay pagkalooban Niya ng (Kanyang) habag (alalaong baga, ang maligtas sa kaparusahan ng Impiyerno).

أَن تَقُولُوٓا۟ إِنَّمَآ أُنزِلَ ٱلْكِتَٰبُ عَلَىٰ طَآئِفَتَيْنِ مِن قَبْلِنَا وَإِن كُنَّا عَن دِرَاسَتِهِمْ لَغَٰفِلِينَ ﴿١٥٦﴾

156. (Aming ipinadala sa inyo ang Qur'an), baka (sakaling) kayo (na mga paganong Arabo) ay magsabi: "Ang (Banal na) Aklat ay tanging ipinadala lamang sa dalawang sekta na nauna sa amin (ang mga Hudyo at mga Kristiyano), at sa katunayan, kami ay hindi nakakaalam kung ano ang kanilang pinag-aralan."

أَوْ تَقُولُوا۟ لَوْ أَنَّآ أُنزِلَ عَلَيْنَا ٱلْكِتَٰبُ لَكُنَّآ أَهْدَىٰ مِنْهُمْ ۚ فَقَدْ جَآءَكُم بَيِّنَةٌ مِّن رَّبِّكُمْ وَهُدًى وَرَحْمَةٌ ۚ فَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّن كَذَّبَ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ وَصَدَفَ عَنْهَا ۗ سَنَجْزِى ٱلَّذِينَ يَصْدِفُونَ عَنْ ءَايَٰتِنَا سُوٓءَ ٱلْعَذَابِ بِمَا كَانُوا۟ يَصْدِفُونَ ﴿١٥٧﴾

157. O di kaya, kayo (na mga paganong Arabo) ay magsabi: "Kung ang (Banal na) Aklat lamang ay ipinadala sa amin, katiyakang kami sana ay naging higit na mainam na napapatnubayan kaysa sa kanila (mga Hudyo at Kristiyano)." Kaya't dumatal ngayon sa inyo ang isang maliwanag na Katibayan (ang Qur'an) mula sa inyong Panginoon, at isang patnubay at isang habag. At sino pa kaya ang higit na gumagawa ng kamalian maliban sa kanya na nagtatakwil sa *Ayat* (mga katibayan, talata, aral, kapahayagan) ni Allah at tumatalikod dito? Aming babayaran (parurusahan) sila na tumatalikod sa Aming *Ayat* ng isang kasakit-sakit na kaparusahan dahilan sa kanilang pagtalikod dito.

هَلْ يَنظُرُونَ إِلَّآ أَن تَأْتِيَهُمُ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ أَوْ يَأْتِىَ رَبُّكَ أَوْ يَأْتِىَ بَعْضُ ءَايَٰتِ رَبِّكَ ۗ يَوْمَ يَأْتِى بَعْضُ ءَايَٰتِ رَبِّكَ لَا يَنفَعُ نَفْسًا إِيمَٰنُهَا لَمْ تَكُنْ ءَامَنَتْ مِن قَبْلُ أَوْ كَسَبَتْ فِىٓ إِيمَٰنِهَا خَيْرًا ۗ قُلِ ٱنتَظِرُوٓا۟ إِنَّا مُنتَظِرُونَ ﴿١٥٨﴾

158. Sila baga ay naghihintay sa anupaman, maliban na ang mga anghel (na kumukuha ng kanilang kaluluwa) ay pumaroon sa kanila, o ang iyong Panginoon ay pumarito (sa Araw ng Paghuhukom), o ang ilan sa mga Tanda ng inyong Panginoon ay dumatal (alalaong baga, ang Hudyat ng Sandali, ang pagsikat ng araw sa kanluran)! Sa Araw (Muling Pagkabuhay) na ang ilan sa mga Tanda ng iyong Panginoon ay dumatal, ito ay hindi makakapagbigay ng kapakinabangan sa isa mang kaluluwa na hindi sumampalataya noong una, gayundin ang gumawa ng kabutihan sa ganitong pananampalataya (kung hindi niya ito ginawa noong una). Ipagbadya: "Magsipaghintay kayo! Kami rin ay naghihintay."

إِنَّ ٱلَّذِينَ فَرَّقُوا۟ دِينَهُمْ وَكَانُوا۟ شِيَعًا لَّسْتَ مِنْهُمْ فِى شَىْءٍ ۚ إِنَّمَآ أَمْرُهُمْ إِلَى ٱللَّهِ ثُمَّ يُنَبِّئُهُم

159. Katotohanan, ang mga nagbabaha-bahagi ng kanilang pananampalataya (na noon, sila ay nasa pananampalataya sa Kaisahan ni Allah) at naghihiwalay sa maraming sekta (lahat ng uri ng

sekta ng pananampalataya), ikaw (O Muhammad) ay walang anumang kaugnayan sa mga ito kahit na katiting. Ang hahatol para sa kanila ay si Allah lamang, na Siyang magsasabi sa kanila kung ano ang kanilang ginawa.

بِمَا كَانُوا۟ يَفْعَلُونَ ﴿١٥٩﴾

160. Sinuman ang magdala (gumawa) ng isang mabuting gawa ay magkakaroon ng sampung ulit na (gantimpalang) katumbas nito (tungo) sa kanyang kapakinabangan, at sinuman ang magdala (gumawa) ng isang masamang gawa ay magkakaroon lamang ng isang (kaparusahan na) katumbas nito, at sila ay hindi mawawalan ng katarungan.

مَن جَآءَ بِٱلْحَسَنَةِ فَلَهُۥ عَشْرُ أَمْثَالِهَا ۖ وَمَن جَآءَ بِٱلسَّيِّئَةِ فَلَا يُجْزَىٰٓ إِلَّا مِثْلَهَا وَهُمْ لَا يُظْلَمُونَ ﴿١٦٠﴾

161. Ipagbadya (O Muhammad): "Katotohanan, ang aking Panginoon ay namatnubay sa akin sa tuwid na landas, isang tuwid na pananampalataya, ang pananampalataya ni Abraham na *Hanifan* (ang pananampalataya sa Nag-iisang Diyos, si Allah), at siya kailanman ay hindi napabilang sa lipon ng mga sumamba sa iba maliban pa kay Allah."

قُلْ إِنَّنِى هَدَىٰنِى رَبِّىٓ إِلَىٰ صِرَٰطٍ مُّسْتَقِيمٍ دِينًا قِيَمًا مِّلَّةَ إِبْرَٰهِيمَ حَنِيفًا ۚ وَمَا كَانَ مِنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿١٦١﴾

162. Ipagbadya (O Muhammad): "Katotohanan, ang aking *Salah* (takdang pagdarasal), ang aking pagkatay ng hayop (bilang sakripisyo), ang aking pamumuhay, ang aking pagkamatay ay para kay Allah lamang, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang."

قُلْ إِنَّ صَلَاتِى وَنُسُكِى وَمَحْيَاىَ وَمَمَاتِى لِلَّهِ رَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿١٦٢﴾

163. Siya ay walang katambal (na iba pang diyos sa pagsamba sa Kanya). At sa bagay na ito, ako ay pinag-utusan, at ako ang una sa mga Muslim.

لَا شَرِيكَ لَهُۥ ۖ وَبِذَٰلِكَ أُمِرْتُ وَأَنَا۠ أَوَّلُ ٱلْمُسْلِمِينَ ﴿١٦٣﴾

164. Ipagbadya: "Ako baga'y maghahanap ng isang Panginoon na iba pa kay Allah, samantalang Siya ang Panginoon ng lahat ng bagay? Walang sinumang tao ang magkakamit ng anumang (kasalanan) maliban na ito ay sa kanya lamang nakaukol (ang may pananagutan), at walang sinuman ang magdadala ng pasanin ng iba (alalaong baga, walang dapat managot sa kasalanan ng isang tao maliban lamang sa kanya). At sa huli, sa inyong Panginoon ang inyong pagbabalik, at Kanyang ipapaalam sa inyo ang mga bagay na hindi ninyo pinagkakasunduan."

قُلْ أَغَيْرَ ٱللَّهِ أَبْغِى رَبًّا وَهُوَ رَبُّ كُلِّ شَىْءٍ ۚ وَلَا تَكْسِبُ كُلُّ نَفْسٍ إِلَّا عَلَيْهَا ۚ وَلَا تَزِرُ وَازِرَةٌ وِزْرَ أُخْرَىٰ ۚ ثُمَّ إِلَىٰ رَبِّكُم مَّرْجِعُكُمْ فَيُنَبِّئُكُم بِمَا كُنتُمْ فِيهِ تَخْتَلِفُونَ ﴿١٦٤﴾

وَهُوَ ٱلَّذِى جَعَلَكُمْ خَلَٰٓئِفَ ٱلْأَرْضِ وَرَفَعَ
بَعْضَكُمْ فَوْقَ بَعْضٍ دَرَجَٰتٍ لِّيَبْلُوَكُمْ فِى مَآ
ءَاتَىٰكُمْ ۗ إِنَّ رَبَّكَ سَرِيعُ ٱلْعِقَابِ وَإِنَّهُۥ لَغَفُورٌ
رَّحِيمٌ ﴿١٦٥﴾

165. At Siya ang gumawa sa inyo sa maraming sali't saling lahi, na nagpapalit sa bawat isa (sa mga henerasyon) sa kalupaan. At Kanyang itinaas ang ilan sa inyo na higit na nakakaangat sa iba sa maraming antas (kapangyarihan at kayamanan) upang kayo ay Kanyang masubukan sa mga bagay na ipinagkaloob Niya sa inyo. Katiyakan, ang iyong Panginoon ay maagap sa pagganti (pagpaparusa), at katiyakang Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

سُورَةُ الْأَعْرَافِ

Surah 7

Surat Al-Araf

(Ang Dingding na Nakataas sa Pagitan ng Paraiso at Impiyerno)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

الٓمٓصٓ ﴿١﴾

1. Alif, Lam, Mim, Sad (mga titik A, La, Ma, Sa; ito ay mga titik sa wikang Arabik na tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

كِتَٰبٌ أُنزِلَ إِلَيْكَ فَلَا يَكُن فِى صَدْرِكَ حَرَجٌ
مِّنْهُ لِتُنذِرَ بِهِۦ وَذِكْرَىٰ لِلْمُؤْمِنِينَ ﴿٢﴾

2. (Ito ang) Aklat (ang Qur'an) na ipinanaog sa iyo (O Muhammad), kaya't huwag hayaang ang iyong dibdib dahilan dito ay mabagabag, upang ikaw ay makapagbigay ng babala (sa mga hindi sumasampalataya) at isang Paala-ala sa mga sumasampalataya.

ٱتَّبِعُوا۟ مَآ أُنزِلَ إِلَيْكُم مِّن رَّبِّكُمْ وَلَا تَتَّبِعُوا۟ مِن
دُونِهِۦٓ أَوْلِيَآءَ ۗ قَلِيلًا مَّا تَذَكَّرُونَ ﴿٣﴾

3. (Ipagbadya [O Muhammad] sa sangkatauhan): "Sundin ninyo kung ano ang ipinanaog sa inyo mula sa inyong Panginoon (ang Qur'an at *Sunnah* [mga aral] ni Propeta Muhammad), at huwag kayong sumunod sa anumang *auliya* (mga tagapangalaga at

tagapagtangkilik) maliban pa sa Kanya (Allah). Kakarampot lamang ang inyong pag-aala-ala!

وَكَم مِّن قَرْيَةٍ أَهْلَكْنَٰهَا فَجَآءَهَا بَأْسُنَا بَيَٰتًا أَوْ هُمْ قَآئِلُونَ ﴿٤﴾

4. At maraming bayan (mga pamayanan) ang Aming winasak (dahilan sa kanilang kasamaan). Ang Aming kaparusahan ay dumatal sa kanila nang bigla sa gabi (habang sila ay natutulog) o sa kanilang panghapong pamamahinga.

فَمَا كَانَ دَعْوَىٰهُمْ إِذْ جَآءَهُم بَأْسُنَآ إِلَّآ أَن قَالُوٓا۟ إِنَّا كُنَّا ظَٰلِمِينَ ﴿٥﴾

5. Walang anumang sigaw ang kanilang nasambit nang ang Aming kaparusahan ay sumapit sa kanila maliban sa: "Katotohanang kami ay *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kabuktutan, buhong, tampalasan)."

فَلَنَسْـَٔلَنَّ ٱلَّذِينَ أُرْسِلَ إِلَيْهِمْ وَلَنَسْـَٔلَنَّ ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿٦﴾

6. At katiyakang Aming tatanungin ang (mga tao) na Aming pinadalhan ng Sugo (kung ano ang naging tugon nila sa mga Sugo) at katotohanang Aming tatanungin ang mga Sugo (kung ano ang naging tugon sa kanila ng mga tao).

فَلَنَقُصَّنَّ عَلَيْهِم بِعِلْمٍ وَمَا كُنَّا غَآئِبِينَ ﴿٧﴾

7. At katiyakang Aming isasalaysay sa kanila (ang mga ginawa nila sa mundo noon) ng may kaalaman, at katotohanang Kami ay nakatunghay.

وَٱلْوَزْنُ يَوْمَئِذٍ ٱلْحَقُّ ۚ فَمَن ثَقُلَتْ مَوَٰزِينُهُۥ فَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْمُفْلِحُونَ ﴿٨﴾

8. At ang pagtitimbang sa araw na yaon (ang Araw ng Muling Pagkabuhay) ay ang tunay (na pagtitimbang). Kaya't sila na ang timbang (ng mababuting gawa) ay mabigat, sila ang matatagumpay (sa pagpasok sa Paraiso).

وَمَنْ خَفَّتْ مَوَٰزِينُهُۥ فَأُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ خَسِرُوٓا۟ أَنفُسَهُم بِمَا كَانُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا يَظْلِمُونَ ﴿٩﴾

9. At sa kanila na ang timbang ay magaan, sila ang nagpahamak sa kanilang sarili (sa pamamagitan ng pagpasok sa Impiyerno), sapagkat kanilang ikinaila at itinakwil ang Aming *Ayat* (mga katibayan, aral, kapahayagan, tanda).

وَلَقَدْ مَكَّنَّٰكُمْ فِى ٱلْأَرْضِ وَجَعَلْنَا لَكُمْ فِيهَا مَعَٰيِشَ ۗ قَلِيلًا مَّا تَشْكُرُونَ ﴿١٠﴾

10. At katiyakang Kami ang nagtatag sa inyo (ng may kapamahalaan) sa kalupaan at itinalaga Namin sa inyo rito ang inyong ikabubuhay (mga pagkain at pangangailangan). Kakarampot lamang ang pasasalamat na inyong ibinibigay.

وَلَقَدْ خَلَقْنَٰكُمْ ثُمَّ صَوَّرْنَٰكُمْ ثُمَّ قُلْنَا لِلْمَلَٰٓئِكَةِ ٱسْجُدُوا۟ لِـَٔادَمَ فَسَجَدُوٓا۟ إِلَّآ

11. At katiyakang Aming nilikha kayo (ang inyong amang si Adan), at pagkatapos ay Aming ginawaran kayo ng hubog (ang marangal

إِبْلِيسَ لَمْ يَكُن مِّنَ ٱلسَّٰجِدِينَ ﴿١١﴾

na hubog ng tao), at pagkatapos ay Aming winika sa mga anghel, "Magpatirapa kayo kay Adan", at sila ay nagpatirapa, maliban kay Iblis (isang *Jinn* na nasa lipon ng mga anghel), siya ay tumanggi na mapabilang doon sa mga nagpapatirapa.

قَالَ مَا مَنَعَكَ أَلَّا تَسْجُدَ إِذْ أَمَرْتُكَ ۖ قَالَ أَنَا۠ خَيْرٌ مِّنْهُ خَلَقْتَنِى مِن نَّارٍ وَخَلَقْتَهُۥ مِن طِينٍ ﴿١٢﴾

12. (Si Allah) ay nagwika: "Ano ang humadlang sa iyo (O Iblis) upang ikaw ay hindi magpatirapa, nang ikaw ay Aking pinag-utusan?" Si Iblis ay nagsabi: "Ako ay higit na mabuti kaysa sa kanya (Adan), ako ay nilikha Ninyo mula sa apoy, at siya (Adan) ay Inyong nilikha mula sa malagkit na putik."

قَالَ فَٱهْبِطْ مِنْهَا فَمَا يَكُونُ لَكَ أَن تَتَكَبَّرَ فِيهَا فَٱخْرُجْ إِنَّكَ مِنَ ٱلصَّٰغِرِينَ ﴿١٣﴾

13. (Si Allah) ay nagwika: "Bumaba ka (O Iblis) mula rito (sa Paraiso), hindi marapat sa iyo na ikaw ay magiging palalo rito; lumayas ka, sapagkat ikaw ay katotohanang kabilang sa mga naaba (at winalan ng karangalan)."

قَالَ أَنظِرْنِىٓ إِلَىٰ يَوْمِ يُبْعَثُونَ ﴿١٤﴾

14. (Si Iblis) ay nagsabi: "Ako ay Inyong bigyan ng palugit hanggang sa Araw na sila ay ibabangon (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay)."

قَالَ إِنَّكَ مِنَ ٱلْمُنظَرِينَ ﴿١٥﴾

15. (Si Allah) ay nagwika: "Ikaw ay isa sa mga binigyan ng palugit."

قَالَ فَبِمَآ أَغْوَيْتَنِى لَأَقْعُدَنَّ لَهُمْ صِرَٰطَكَ ٱلْمُسْتَقِيمَ ﴿١٦﴾

16. (Si Iblis) ay nagsabi: "Sapagkat ako ay Inyong iniligaw, katotohanang ako ay haharang sa kanila ([mga tao], tungo) sa Inyong Matuwid na Landas.

ثُمَّ لَءَاتِيَنَّهُم مِّنۢ بَيْنِ أَيْدِيهِمْ وَمِنْ خَلْفِهِمْ وَعَنْ أَيْمَٰنِهِمْ وَعَن شَمَآئِلِهِمْ ۖ وَلَا تَجِدُ أَكْثَرَهُمْ شَٰكِرِينَ ﴿١٧﴾

17. At ako ay tutungo sa kanilang harapan at sa kanilang likuran, sa kanilang kanang bahagi at sa kanilang kaliwang bahagi (upang sila ay hadlangan sa Inyong Landas), at hindi Ninyo matatagpuan na ang karamihan sa kanila ay nagbibigay ng pasasalamat (alalaong baga, sila ay hindi magiging masunurin sa Inyo)."

قَالَ ٱخْرُجْ مِنْهَا مَذْءُومًا مَّدْحُورًا ۖ لَّمَن تَبِعَكَ مِنْهُمْ لَأَمْلَأَنَّ جَهَنَّمَ مِنكُمْ أَجْمَعِينَ ﴿١٨﴾

18. (Si Allah) ay nagwika (kay Iblis): "Lumayas ka rito (sa Paraiso) na walang kahihiyan at pinatalsik. Kung sinuman sa kanila (sangkatauhan) ang sumunod sa iyo, kung gayon, katotohanang Aking pupunuin ang Impiyerno (sa pamamagitan) ninyong lahat."

وَيَٰٓـَٔادَمُ ٱسْكُنْ أَنتَ وَزَوْجُكَ ٱلْجَنَّةَ فَكُلَا مِنْ

19. "At, O Adan! Manirahan ka at ang iyong

asawa sa Paraiso, at kumain kayo rito kung (ano) ang kapwa ninyo maibigan, at huwag ninyong lapitan ang punong ito, upang hindi kayo (kapwa) mapabilang sa *Zalimun* (mga tao na walang katarungan at mapaggawa ng kamalian)."

حَيْثُ شِئْتُمَا وَلَا تَقْرَبَا هَٰذِهِ ٱلشَّجَرَةَ فَتَكُونَا مِنَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿١٩﴾

20. At si Satanas ay bumulong sa kanilang dalawa (na sila ay kumain ng bunga ng puno na ipinagbawal sa kanila) upang (kung sila ay magkasala ay) malantad sa kanila kung ano ang sa kanila ay nakalingid na maselang bahagi (ng kanilang katawan noon); siya ay nagsabi: "Ang inyong Panginoon ay hindi nagbawal sa inyo (na kumain ng bunga) ng punongkahoy na ito, maliban (sa kadahilanang) baka kayo ay maging mga anghel o kayo ay maging walang kamatayan."

فَوَسْوَسَ لَهُمَا ٱلشَّيْطَٰنُ لِيُبْدِيَ لَهُمَا مَا وُۥرِيَ عَنْهُمَا مِن سَوْءَٰتِهِمَا وَقَالَ مَا نَهَىٰكُمَا رَبُّكُمَا عَنْ هَٰذِهِ ٱلشَّجَرَةِ إِلَّآ أَن تَكُونَا مَلَكَيْنِ أَوْ تَكُونَا مِنَ ٱلْخَٰلِدِينَ ﴿٢٠﴾

21. At siya (Satanas) ay nanumpa (sa Ngalan ni Allah) sa kanilang dalawa (na nagsasabi): "Katotohanang ako ay matapat na tagapayo sa inyong dalawa."

وَقَاسَمَهُمَآ إِنِّى لَكُمَا لَمِنَ ٱلنَّٰصِحِينَ ﴿٢١﴾

22. Kaya't kanyang iniligaw sila ng may panlilinlang. At nang kanilang matikman ang (bunga) ng punongkahoy, yaong nakalingid sa kanila na kanilang kahihiyan (maseselang bahagi ng katawan) ay naging lantad sa kanila (alalaong baga, nawala ang pantakip na ipinagkaloob ni Allah sa kanila), at sila ay nagsimulang magtagni-tagni ng mga dahon ng Halamanan sa kanilang sarili (upang maitago nila ang kanilang kahihiyan). At ang kanilang Panginoon ay tumawag sa kanila (na nagsasabi): "Hindi baga ipinagbawal Ko sa inyo ang punongkahoy na yaon at (Ako ay) nangusap sa inyo na: "Katotohanang si Satanas ay inyong lantad na kaaway?"

فَدَلَّىٰهُمَا بِغُرُورٍ ۚ فَلَمَّا ذَاقَا ٱلشَّجَرَةَ بَدَتْ لَهُمَا سَوْءَٰتُهُمَا وَطَفِقَا يَخْصِفَانِ عَلَيْهِمَا مِن وَرَقِ ٱلْجَنَّةِ ۖ وَنَادَىٰهُمَا رَبُّهُمَآ أَلَمْ أَنْهَكُمَا عَن تِلْكُمَا ٱلشَّجَرَةِ وَأَقُل لَّكُمَآ إِنَّ ٱلشَّيْطَٰنَ لَكُمَا عَدُوٌّ مُّبِينٌ ﴿٢٢﴾

23. Sila ay nagsabi: "Aming Panginoon! Aming ipinariwara ang aming sarili. Kung kami ay hindi Ninyo patatawarin at hindi Ninyo igagawad sa amin ang Inyong Habag, katiyakang kami ay kabilang sa mga talunan."

قَالَا رَبَّنَا ظَلَمْنَآ أَنفُسَنَا وَإِن لَّمْ تَغْفِرْ لَنَا وَتَرْحَمْنَا لَنَكُونَنَّ مِنَ ٱلْخَٰسِرِينَ ﴿٢٣﴾

24. (Si Allah) ay nagwika: "Magsibaba kayo,

قَالَ ٱهْبِطُوا۟ بَعْضُكُمْ لِبَعْضٍ عَدُوٌّ ۖ وَلَكُمْ فِى

ang bawat isa sa inyo ay kaaway sa isa't isa (alalaong baga, kaaway nina Adan at Eba si Satanas). Ang kalupaan ang inyong pananahanan at (pansamantalang) kasiyahan sa natatakdaang panahon."

ٱلْأَرْضِ مُسْتَقَرٌّ وَمَتَٰعٌ إِلَىٰ حِينٍ ﴿٢٤﴾

25. Siya (Allah) ay nagwika: "Doon kayo ay mamumuhay, at doon kayo ay mamamatay, at mula roon kayo ay muling ilalabas (alalaong baga, ang muling pagkabuhay)".

قَالَ فِيهَا تَحْيَوْنَ وَفِيهَا تَمُوتُونَ وَمِنْهَا تُخْرَجُونَ ﴿٢٥﴾

26. O Angkan ni Adan! Kami ay nagkaloob ng saplot sa inyo upang inyong takpan ang inyong sarili (bihisan ang inyong maseselang bahagi ng katawan) at bilang isang palamuti. Datapuwa't ang saplot ng kabanalan (ang pagiging matuwid at masunurin kay Allah) ang higit na mainam. Ito ay kabilang sa *Ayat* (mga katibayan, aral, kapahayagan, tanda) ni Allah upang sila ay makaala-ala (alalaong baga, upang kanilang mapag-isip ang mga Biyaya ni Allah at Kagandahang-Loob na Kanyang ipinagkaloob sa kanila, upang sa gayon, sila ay umiwas sa Kanyang mga ipinagbabawal at sumunod sa Kanyang mga ipinag-uutos).

يَٰبَنِىٓ ءَادَمَ قَدْ أَنزَلْنَا عَلَيْكُمْ لِبَاسًا يُوَٰرِى سَوْءَٰتِكُمْ وَرِيشًا ۖ وَلِبَاسُ ٱلتَّقْوَىٰ ذَٰلِكَ خَيْرٌ ۚ ذَٰلِكَ مِنْ ءَايَٰتِ ٱللَّهِ لَعَلَّهُمْ يَذَّكَّرُونَ ﴿٢٦﴾

27. O Angkan ni Adan! Huwag hayaang si Satanas ay luminlang sa inyo, nang katulad nang pagkapalayas niya sa inyong magulang (Adan at Eba) mula sa Paraiso, na hinubaran sila ng kanilang saplot upang maipakita sa kanila ang kanilang maseselang bahagi ng katawan. Katotohanang siya (Satanas) at ang kanyang mga sundalo ay nakakakita sa inyo mula sa lugar na sila ay hindi ninyo nakikita. Katotohanang Aming ginawa ang mga diyablo (satanas) bilang *auliya* (tagapangalaga at tagapagtangkilik) ng mga walang pananampalataya.

يَٰبَنِىٓ ءَادَمَ لَا يَفْتِنَنَّكُمُ ٱلشَّيْطَٰنُ كَمَآ أَخْرَجَ أَبَوَيْكُم مِّنَ ٱلْجَنَّةِ يَنزِعُ عَنْهُمَا لِبَاسَهُمَا لِيُرِيَهُمَا سَوْءَٰتِهِمَآ ۗ إِنَّهُۥ يَرَىٰكُمْ هُوَ وَقَبِيلُهُۥ مِنْ حَيْثُ لَا تَرَوْنَهُمْ ۗ إِنَّا جَعَلْنَا ٱلشَّيَٰطِينَ أَوْلِيَآءَ لِلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ ﴿٢٧﴾

28. At kapag sila ay nakagawa ng isang *Fahisha* (masamang gawa at kahalayan), sila ay nagsasabi: "Nakagisnan na naming ginagawa ito ng aming mga ninuno, at si Allah ang nag-utos sa amin na gawin ito." Ipagbadya: "Katotohanang si Allah ay hindi nag-uutos ng

وَإِذَا فَعَلُوا۟ فَٰحِشَةً قَالُوا۟ وَجَدْنَا عَلَيْهَآ ءَابَآءَنَا وَٱللَّهُ أَمَرَنَا بِهَا ۗ قُلْ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَأْمُرُ بِٱلْفَحْشَآءِ ۖ أَتَقُولُونَ عَلَى ٱللَّهِ مَا لَا تَعْلَمُونَ ﴿٢٨﴾

Fahisha (kahalayan at kalaswaan)?" Kayo baga ay nagsasalita laban kay Allah ng bagay (ng kasinungalingan) na hindi ninyo nababatid?

قُلْ أَمَرَ رَبِّي بِالْقِسْطِ ۖ وَأَقِيمُوا وُجُوهَكُمْ عِندَ كُلِّ مَسْجِدٍ وَادْعُوهُ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ ۚ كَمَا بَدَأَكُمْ تَعُودُونَ ﴿٢٩﴾

29. Ipagbadya (O Muhammad): "Ang aking Panginoon ay nag-utos ng katarungan, at inyong panatilihin ang inyong sarili (sa pagsamba sa Kanya) sa bawat lugar (at oras) ng pagpapatirapa, at inyong panikluhuran Siya, at maging matapat sa Kanya sa pananampalataya. Kung paano kayo ay nilikha Niya sa pasimula (alalaong baga, nang kayo ay ilabas Niya sa pagkabuhay o pagkakaroon ng buhay), sa gayon din, kayo ay (Kanyang) ibabalik sa pagkabuhay (sa Araw ng Muling Pagkabuhay, alalaong baga, sa dalawang pangkat, ang isa ay mabibiyayaan [mga sumasampalataya], at ang isa ay magiging kahabag-habag [mga hindi sumasampalataya]).

فَرِيقًا هَدَىٰ وَفَرِيقًا حَقَّ عَلَيْهِمُ الضَّلَالَةُ ۚ إِنَّهُمُ اتَّخَذُوا الشَّيَاطِينَ أَوْلِيَاءَ مِن دُونِ اللَّهِ وَيَحْسَبُونَ أَنَّهُم مُّهْتَدُونَ ﴿٣٠﴾

30. Ang isang pangkat ay Kanyang pinatnubayan, at ang isang pangkat ay nararapat na mapaligaw; (sapagkat) katiyakang kanilang tinangkilik ang mga diyablo (satanas) bilang *auliya* (mga tagapangalaga at tagapagtangkilik) sa halip ni Allah, at nag-aakala na sila ay napapatnubayan.

۞ يَا بَنِي آدَمَ خُذُوا زِينَتَكُمْ عِندَ كُلِّ مَسْجِدٍ وَكُلُوا وَاشْرَبُوا وَلَا تُسْرِفُوا ۚ إِنَّهُ لَا يُحِبُّ الْمُسْرِفِينَ ﴿٣١﴾

31. O Angkan ni Adan! Mag-ayos kayo ([maging malinis], magsuot ng malinis at katanggap-tanggap na damit), sa bawat pag-aalay ng *Salah* (takdang panalangin) at (kayo) ay kumain at uminom, datapuwa't huwag mag-aksaya sa pagiging maluho, katiyakang Siya (Allah) ay hindi nalulugod sa mga maluluho.

قُلْ مَنْ حَرَّمَ زِينَةَ اللَّهِ الَّتِي أَخْرَجَ لِعِبَادِهِ وَالطَّيِّبَاتِ مِنَ الرِّزْقِ ۚ قُلْ هِيَ لِلَّذِينَ آمَنُوا فِي الْحَيَاةِ الدُّنْيَا خَالِصَةً يَوْمَ الْقِيَامَةِ ۗ كَذَٰلِكَ نُفَصِّلُ الْآيَاتِ لِقَوْمٍ يَعْلَمُونَ ﴿٣٢﴾

32. Ipagbadya (O Muhammad): "Sino ang nagbawal sa magagandang kaloob (mga palamuti sa damit) na iginawad ni Allah para sa Kanyang mga alipin, at ng mga *Halal* (malilinis at pinahihintulutang) pagkain?" Ipagbadya (O Muhammad): "Ang mga ito, sa mundong ito, ay para sa (kanilang dalawa) na nananampalataya kay Allah at hindi nananampalataya sa Kanya, (datapuwa't) tanging para sa kanila lamang (yaong mga nananampalataya) ang mga ito sa Araw ng Muling Pagkabuhay (alalaong baga, ang mga hindi sumasampalataya ay hindi

makakahati sa kanila).'' Sa ganito Namin ipinapaliwanag ang *Ayat* (mga talata na nauukol sa Batas Islamiko) sa masusing paraan sa mga tao na may kaalaman.

قُلْ إِنَّمَا حَرَّمَ رَبِّيَ ٱلْفَوَٰحِشَ مَا ظَهَرَ مِنْهَا وَمَا بَطَنَ وَٱلْإِثْمَ وَٱلْبَغْىَ بِغَيْرِ ٱلْحَقِّ وَأَن تُشْرِكُوا۟ بِٱللَّهِ مَا لَمْ يُنَزِّلْ بِهِۦ سُلْطَٰنًا وَأَن تَقُولُوا۟ عَلَى ٱللَّهِ مَا لَا تَعْلَمُونَ ﴿٣٣﴾

33. Ipagbadya (O Muhammad): "Katotohanan, ang mga bagay na ipinagbawal ng aking Panginoon ay mga *Fahisha* (masasamang gawa at mga kahalayan) kahima't ito ay ginawa nang lantad o lingid, (ang lahat ng uri) ng mga kasalanan, ang walang katarungang pang-aapi, ang pag-aakibat ng mga katambal (sa pagsamba) kay Allah na rito ay wala Siyang ipinanaog na katibayan, at ang pagsasabi ng mga bagay hinggil kay Allah na rito ay wala kayong kaalaman.

وَلِكُلِّ أُمَّةٍ أَجَلٌ ۖ فَإِذَا جَآءَ أَجَلُهُمْ لَا يَسْتَـْٔخِرُونَ سَاعَةً ۖ وَلَا يَسْتَقْدِمُونَ ﴿٣٤﴾

34. At ang bawat bansa (na tumanggi na sumampalataya kay Allah) ay may kanyang natataningang panahon (sa kaparusahan); kung ang kanyang takdang panahon ay sumapit na, kahit na sa isang oras (o isang sandali), sila ay hindi makakaantala (nito) at gayundin, kahit na sa isang oras (o isang sandali), sila ay hindi makapagpapauna (nito).

يَٰبَنِىٓ ءَادَمَ إِمَّا يَأْتِيَنَّكُمْ رُسُلٌ مِّنكُمْ يَقُصُّونَ عَلَيْكُمْ ءَايَٰتِى ۙ فَمَنِ ٱتَّقَىٰ وَأَصْلَحَ فَلَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ﴿٣٥﴾

35. O Angkan ni Adan! Kung may mga Sugo na dumatal (sa inyo) mula sa lipon ninyo na dumadalit sa inyo ng Aking mga Talata, kung gayon, sinuman ang maging matimtiman at maging matuwid (sa kanyang pagsampalataya), sa kanila ay walang pangangamba (sa Araw ng Paghuhukom), gayundin sila ay hindi malulumbay.

وَٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا وَٱسْتَكْبَرُوا۟ عَنْهَآ أُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلنَّارِ ۖ هُمْ فِيهَا خَٰلِدُونَ ﴿٣٦﴾

36. At sila na nagtatakwil ng Aming *Ayat* (mga kapahayagan, tanda, aral, katibayan) at nagtuturing sa mga ito ng may kapalaluan, sila ang magsisipanahan sa Apoy (Impiyerno), mananatili sila rito magpakailanman.

فَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّنِ ٱفْتَرَىٰ عَلَى ٱللَّهِ كَذِبًا أَوْ كَذَّبَ بِـَٔايَٰتِهِۦٓ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ يَنَالُهُمْ نَصِيبُهُم مِّنَ ٱلْكِتَٰبِ ۖ حَتَّىٰٓ إِذَا جَآءَتْهُمْ رُسُلُنَا يَتَوَفَّوْنَهُمْ قَالُوٓا۟ أَيْنَ مَا كُنتُمْ تَدْعُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ ۖ قَالُوا۟ ضَلُّوا۟

37. Sino pa ba kaya ang higit na walang katarungan maliban sa kanya na kumakatha ng kabulaanan laban kay Allah o nagtatakwil sa Kanyang *Ayat* (mga katibayan, aral, tanda, kapahayagan, atbp.)? Sila yaong magkakamit ng bahagi ng sa kanila ay nakatakda (alalaong

عَنَّا وَشَهِدُوا۟ عَلَىٰٓ أَنفُسِهِمْ أَنَّهُمْ كَانُوا۟ كَٰفِرِينَ ﴿٣٧﴾

baga, ang kanilang natatakdaang bahagi ng mabubuting bagay sa buhay sa mundong ito at ang haba ng kanilang taning na panahon dito ay sasapit sa kanila mula sa Aklat ng mga Pag-uutos); hanggang sa ang Aming mga Sugo (ang Anghel ng kamatayan at kanyang mga alalay) ay dumatal sa kanila upang kunin ang kanilang kaluluwa, sila (mga Anghel) ay magsasabi: "Nasaan ang inyong mga sinasamba maliban pa kay Allah (alalaong baga, bakit kayo ay hindi nila tulungan)?", at sila ay magsasabi, "Sila ay naglaho at kami ay (kanilang) iniwan." At sila ang magbibigay-saksi (laban) sa kanilang sarili na sila ay mga hindi nananampalataya.

قَالَ ٱدْخُلُوا۟ فِىٓ أُمَمٍ قَدْ خَلَتْ مِن قَبْلِكُم مِّنَ ٱلْجِنِّ وَٱلْإِنسِ فِى ٱلنَّارِ ۖ كُلَّمَا دَخَلَتْ أُمَّةٌ لَّعَنَتْ أُخْتَهَا ۖ حَتَّىٰٓ إِذَا ٱدَّارَكُوا۟ فِيهَا جَمِيعًا قَالَتْ أُخْرَىٰهُمْ لِأُولَىٰهُمْ رَبَّنَا هَٰٓؤُلَآءِ أَضَلُّونَا فَـَٔاتِهِمْ عَذَابًا ضِعْفًا مِّنَ ٱلنَّارِ ۖ قَالَ لِكُلٍّ ضِعْفٌ وَلَٰكِن لَّا تَعْلَمُونَ ﴿٣٨﴾

38. (Si Allah) ay magwiwika: "Magsipasok kayo sa lipon ng mga bansa (pamayanan) na nagsiyao na nang una pa sa inyo, mga tao at mga *Jinn,* tungo sa Apoy. Sa bawat sandali na ang isang bagong pamayanan (bansa) ay pumapasok, ito ay nagtutungayaw sa kanyang kapwa bansa (pamayanan na lumipas na noon), hanggang sa sila ay titipunin nang sama-sama sa Apoy. Ang huli sa kanila (ang mga tagasunod) ay magsasabi sa una sa kanila (ang mga pinuno): "O Aming Panginoon! Sila ang luminlang sa amin, kaya't Inyong bigyan sila ng dalawang ulit na kaparusahan sa Apoy." Siya (Allah) ay magwiwika: "Sa bawat isa (sa inyo) ay mayroong dalawang ulit na kaparusahan, datapuwa't ito ay hindi ninyo nalalaman."

وَقَالَتْ أُولَىٰهُمْ لِأُخْرَىٰهُمْ فَمَا كَانَ لَكُمْ عَلَيْنَا مِن فَضْلٍ فَذُوقُوا۟ ٱلْعَذَابَ بِمَا كُنتُمْ تَكْسِبُونَ ﴿٣٩﴾

39. At ang una sa kanila (ang mga pinuno) ay magsasabi sa huli sa kanila (ang mga tagasunod): "Kung gayon, kayo ay walang ipinagkaiba (na pabor o kahalagahan) sa amin, kaya't lasapin ninyo ang kaparusahan ng inyong ginawa."

إِنَّ ٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا وَٱسْتَكْبَرُوا۟ عَنْهَا لَا تُفَتَّحُ لَهُمْ أَبْوَٰبُ ٱلسَّمَآءِ وَلَا يَدْخُلُونَ ٱلْجَنَّةَ حَتَّىٰ يَلِجَ ٱلْجَمَلُ فِى سَمِّ ٱلْخِيَاطِ ۚ وَكَذَٰلِكَ نَجْزِى ٱلْمُجْرِمِينَ ﴿٤٠﴾

40. Katotohanan, ang mga nagpapasinungaling sa Aming *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, tanda, aral, atbp.) at nagtuturing sa mga ito ng may kapalaluan, sa kanila, ang mga tarangkahan ng langit ay hindi bubuksan, at sila ay hindi makapapasok sa Paraiso hanggang ang kamelyo (ay mangyari) na maglagos sa butas ng karayom

(na lubhang imposible). Sa ganito Namin binabayaran ang *Mujrimun* (mga kriminal, mapagsamba sa diyus-diyosan, makasalanan).

لَهُم مِّن جَهَنَّمَ مِهَادٌ وَمِن فَوْقِهِمْ غَوَاشٍ ۚ وَكَذَٰلِكَ نَجْزِي الظَّالِمِينَ ﴿٤١﴾

41. Sasakanila ang kama (papag) ng Impiyerno (Apoy) at sa ibabaw nila ay mga pangbalabal (ng Apoy ng Impiyerno). Sa ganito Namin binabayaran ang *Zalimun* (mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian, tampalasan).

وَالَّذِينَ آمَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ لَا نُكَلِّفُ نَفْسًا إِلَّا وُسْعَهَا أُولَٰئِكَ أَصْحَابُ الْجَنَّةِ ۖ هُمْ فِيهَا خَالِدُونَ ﴿٤٢﴾

42. At yaong mga sumampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at nagsigawa ng kabutihan, hindi Namin binibigyan ng pabigat ang sinumang tao (kaluluwa) na labis sa kanyang makakaya, sila ang maninirahan sa Paraiso. Mananatili sila rito magpakailanman.

وَنَزَعْنَا مَا فِي صُدُورِهِم مِّنْ غِلٍّ تَجْرِي مِن تَحْتِهِمُ الْأَنْهَارُ ۖ وَقَالُوا الْحَمْدُ لِلَّهِ الَّذِي هَدَانَا لِهَٰذَا وَمَا كُنَّا لِنَهْتَدِيَ لَوْلَا أَنْ هَدَانَا اللَّهُ ۖ لَقَدْ جَاءَتْ رُسُلُ رَبِّنَا بِالْحَقِّ ۖ وَنُودُوا أَن تِلْكُمُ الْجَنَّةُ أُورِثْتُمُوهَا بِمَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٤٣﴾

43. At Aming papawiin sa kanilang dibdib ang anumang pagkamuhi (o matinding hinanakit) sa isa't isa (na kanilang naranasan sa buhay sa mundong ito); habang ang mga ilog ay dumadaloy sa ilalim nila, at sila ay magsasabi: "Ang lahat ng mga papuri at pasasalamat ay kay Allah na namatnubay dito sa amin, kailanman ay hindi (sana) kami makakatagpo ng patnubay kung hindi lamang kami pinatnubayan ni Allah! Tunay nga, ang mga Sugo ng aming Panginoon ay dumatal na may Katotohanan." At ipagbabadya sa kanila: "Ito ang Paraiso na inyong namana (ang ganap na gantimpala) dahilan sa inyong ginawa."

وَنَادَىٰ أَصْحَابُ الْجَنَّةِ أَصْحَابَ النَّارِ أَن قَدْ وَجَدْنَا مَا وَعَدَنَا رَبُّنَا حَقًّا فَهَلْ وَجَدتُّم مَّا وَعَدَ رَبُّكُمْ حَقًّا ۖ قَالُوا نَعَمْ ۚ فَأَذَّنَ مُؤَذِّنٌ بَيْنَهُمْ أَن لَّعْنَةُ اللَّهِ عَلَى الظَّالِمِينَ ﴿٤٤﴾

44. At ang mga nagsisipanirahan sa Paraiso ay tatawag sa mga nagsisipanirahan sa Apoy (na nagsasabi): "Tunay naming natagpuan na totoo ang ipinangako ng aming Panginoon sa amin, natagpuan din ba ninyo na totoo ang ipinangako ng inyong Panginoon (ang Kanyang kaparusahan)?" Sila ay magsasabi: "Oo", at isang tagapagsalita ang magpapahayag sa pagitan nila: "Ang sumpa ni Allah ay nasa *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian)."

الَّذِينَ يَصُدُّونَ عَن سَبِيلِ اللَّهِ وَيَبْغُونَهَا عِوَجًا وَهُم

45. Sila na humahadlang (sa mga tao) tungo sa Landas ni Allah at nagnanais na ito ay

بِٱلْـَٔاخِرَةِ كَٰفِرُونَ ﴿٤٥﴾

makapagligaw (sa tamang landas), sila nga ang hindi nananampalataya sa Kabilang Buhay.

وَبَيْنَهُمَا حِجَابٌ ۚ وَعَلَى ٱلْأَعْرَافِ رِجَالٌ يَعْرِفُونَ كُلًّۢا بِسِيمَىٰهُمْ ۚ وَنَادَوْا۟ أَصْحَٰبَ ٱلْجَنَّةِ أَن سَلَٰمٌ عَلَيْكُمْ ۚ لَمْ يَدْخُلُوهَا وَهُمْ يَطْمَعُونَ ﴿٤٦﴾

46. At sa pagitan nila ay may isang takip (o partisyon na nagbubukod sa kanila) at sa *Al-Araf* (isang dingding na nasa matataas na lugar) ay may mga tao (na ang mababuti at masasamang gawa ay magkapantay sa timbangan), na makakakilala sa lahat (ng mga tao ng Paraiso at Impiyerno) sa pamamagitan ng kanilang mga tanda (ang mga nagsisipanahan sa Paraiso, ang tanda ay sa pamamagitan ng kanilang mapuputing mukha at ang nagsisipanahan sa Impiyerno ay sa pamamagitan ng kanilang maiitim na mukha), at sila ay tatawag sa mga nagsisipanirahan sa Paraiso, "Sumainyo ang kapayapaan," at sa sandaling ito, sila (ang mga tao sa *Al-Araf*) ay hindi pa makakapasok dito, datapuwa't sila ay lubhang umaasa na makakapasok (dito).

۞ وَإِذَا صُرِفَتْ أَبْصَٰرُهُمْ تِلْقَآءَ أَصْحَٰبِ ٱلنَّارِ قَالُوا۟ رَبَّنَا لَا تَجْعَلْنَا مَعَ ٱلْقَوْمِ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٤٧﴾

47. At kung ang kanilang mga mata ay napapalingon sa gawi ng mga nagsisipanirahan sa Apoy, sila ay nagsasabi: "O Aming Panginoon! Kami ay huwag Ninyong ilagay sa lipon ng mga tao na *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian)."

وَنَادَىٰٓ أَصْحَٰبُ ٱلْأَعْرَافِ رِجَالًا يَعْرِفُونَهُم بِسِيمَىٰهُمْ قَالُوا۟ مَآ أَغْنَىٰ عَنكُمْ جَمْعُكُمْ وَمَا كُنتُمْ تَسْتَكْبِرُونَ ﴿٤٨﴾

48. At ang mga tao sa *Al-Araf* (dingding) ay tatawag sa mga tao (na nasa Impiyerno) na kanilang makikilala sa pamamagitan ng kanilang mga tanda, na nagsasabi: "Walang naging anumang kapakinabangan sa inyo ang inyong tinipon na malaking bilang ng mga kayamanan (noong kayo ay nasa mundo pa), at ang inyong kapalaluan laban sa mga nananampalataya?"

أَهَٰٓؤُلَآءِ ٱلَّذِينَ أَقْسَمْتُمْ لَا يَنَالُهُمُ ٱللَّهُ بِرَحْمَةٍ ۚ ٱدْخُلُوا۟ ٱلْجَنَّةَ لَا خَوْفٌ عَلَيْكُمْ وَلَآ أَنتُمْ تَحْزَنُونَ ﴿٤٩﴾

49. (Si Allah ay magwiwika sa mga hindi sumasampalataya): Hindi baga sila (ang mga nasa Paraiso) ang mga tao na inyong sinumpa noon; na si Allah ay hindi kailanman magpapakita sa kanila ng habag. (Si Allah ay mangungusap sa mga sumasampalataya): "Magsipasok kayo sa Paraiso, walang

pangangamba ang sasainyo, gayundin, kayo ay hindi malulumbay."

وَنَادَىٰٓ أَصۡحَٰبُ ٱلنَّارِ أَصۡحَٰبَ ٱلۡجَنَّةِ أَنۡ أَفِيضُواْ عَلَيۡنَا مِنَ ٱلۡمَآءِ أَوۡ مِمَّا رَزَقَكُمُ ٱللَّهُۚ قَالُوٓاْ إِنَّ ٱللَّهَ حَرَّمَهُمَا عَلَى ٱلۡكَٰفِرِينَ ﴿٥٠﴾

50. At ang mga nagsisipanirahan sa Apoy ay tatawag sa mga nagsisipanirahan sa Paraiso: "Buhusan ninyo kami ng kaunting tubig o anumang (bagay) na ipinagkaloob sa inyo ni Allah." Sila ay magsasabi: "Katotohanan, ang mga ito (ang tubig at anumang ipinagkaloob sa amin) ay kapwa ipinagbawal ni Allah sa mga hindi sumasampalataya,

ٱلَّذِينَ ٱتَّخَذُواْ دِينَهُمۡ لَهۡوٗا وَلَعِبٗا وَغَرَّتۡهُمُ ٱلۡحَيَوٰةُ ٱلدُّنۡيَاۚ فَٱلۡيَوۡمَ نَنسَىٰهُمۡ كَمَا نَسُواْ لِقَآءَ يَوۡمِهِمۡ هَٰذَا وَمَا كَانُواْ بِـَٔايَٰتِنَا يَجۡحَدُونَ ﴿٥١﴾

51. Na nagturing sa kanilang pananampalataya bilang isang paglilibang at paglalaro, at ang buhay sa mundong ito ay luminlang sa kanila." Kaya't sa Araw na ito, sila ay Aming kalilimutan, kung paano rin naman nila kinalimutan ang pagsamba kay Allah tungo sa kanilang pagkabuhay sa Araw (na ito), sapagkat sila ay nagtakwil sa Aming *Ayat* (mga kapahayagan, katibayan, tanda, aral, atbp).

وَلَقَدۡ جِئۡنَٰهُم بِكِتَٰبٖ فَصَّلۡنَٰهُ عَلَىٰ عِلۡمٍ هُدٗى وَرَحۡمَةٗ لِّقَوۡمٖ يُؤۡمِنُونَ ﴿٥٢﴾

52. Katiyakang Kami ay nagpadala sa kanila ng isang Aklat (ang Qur'an), na Aming ipinaliwanag sa masusing paraan at (Aming) nalalaman,- isang patnubay at habag sa mga tao na sumasampalataya.

هَلۡ يَنظُرُونَ إِلَّا تَأۡوِيلَهُۥۚ يَوۡمَ يَأۡتِي تَأۡوِيلُهُۥ يَقُولُ ٱلَّذِينَ نَسُوهُ مِن قَبۡلُ قَدۡ جَآءَتۡ رُسُلُ رَبِّنَا بِٱلۡحَقِّ فَهَل لَّنَا مِن شُفَعَآءَ فَيَشۡفَعُواْ لَنَآ أَوۡ نُرَدُّ فَنَعۡمَلَ غَيۡرَ ٱلَّذِي كُنَّا نَعۡمَلُۚ قَدۡ خَسِرُوٓاْ أَنفُسَهُمۡ وَضَلَّ عَنۡهُم مَّا كَانُواْ يَفۡتَرُونَ ﴿٥٣﴾

53. Sila baga'y nagsisipaghintay hanggang sa dumatal ang kaparusahan (na ipinangako sa kanila)? Sa Araw na ang pangyayari ay ganap nang natupad (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay), sila na nagpabaya rito noon ay magsasabi: "Tunay nga, ang mga Sugo ng aming Panginoon ay dumatal na may Katotohanan; ngayon, mayroon pa bang mga tagapamagitan sa amin upang sila ay makapamagitan sa aming kapakanan? O maaari ba na kami ay muling ibalik (sa unang buhay sa mundo) upang kami ay makagawa ng (mabubuting) gawa, maliban pa roon sa (masasamang) gawa na aming ginawa?" Katotohanang ipinariwara nila ang kanilang sarili (alalaong baga, winasak ang kanilang sarili), at ang nakahiratihan na nilang (sinasamba na) kabulaanan ay lumayo na sa kanila.

إِنَّ رَبَّكُمُ ٱللَّهُ ٱلَّذِى خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ فِى سِتَّةِ أَيَّامٍ ثُمَّ ٱسْتَوَىٰ عَلَى ٱلْعَرْشِ يُغْشِى ٱلَّيْلَ ٱلنَّهَارَ يَطْلُبُهُۥ حَثِيثًا وَٱلشَّمْسَ وَٱلْقَمَرَ وَٱلنُّجُومَ مُسَخَّرَٰتٍۭ بِأَمْرِهِۦٓ ۗ أَلَا لَهُ ٱلْخَلْقُ وَٱلْأَمْرُ ۗ تَبَارَكَ ٱللَّهُ رَبُّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٥٤﴾

54. Katotohanan, ang inyong Panginoon ay si Allah, na lumikha sa kalangitan at kalupaan sa Anim na Araw, at pagkaraan Siya ay nag-*Istawa* (pumaitaas) sa *Al-'Arsh* ([Luklukan o Trono], sa paraang naaangkop sa Kanyang Kamahalan). Tinakpan Niya ang araw sa pamamagitan ng gabi na nagmamadali na sundan ito, at (Kanyang nilikha) ang araw, ang buwan, at ang mga bituin ay ipinailalim Niya sa Kanyang Pag-uutos. Maluwalhati si Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang.

ٱدْعُوا۟ رَبَّكُمْ تَضَرُّعًا وَخُفْيَةً ۚ إِنَّهُۥ لَا يُحِبُّ ٱلْمُعْتَدِينَ ﴿٥٥﴾

55. Panikluhuran ninyo ang inyong Panginoon ng may kapakumbabaan at sa lihim. Katotohanang Siya ay hindi nalulugod sa mga lumalabag sa pag-uutos.

وَلَا تُفْسِدُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ بَعْدَ إِصْلَٰحِهَا وَٱدْعُوهُ خَوْفًا وَطَمَعًا ۚ إِنَّ رَحْمَتَ ٱللَّهِ قَرِيبٌ مِّنَ ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿٥٦﴾

56. At huwag gumawa ng kabuktutan sa kalupaan, matapos na ito ay maitalaga (ni Allah) sa ayos (sa pamamagitan ng Kanyang mga Sugo), at inyong panikluhuran Siya ng may pangangamba (sa Kanyang kaparusahan) at pag-asa (sa Kanyang gantimpala). Katiyakan, ang Habag ni Allah ay (laging) malapit sa mga gumagawa ng kabutihan.

وَهُوَ ٱلَّذِى يُرْسِلُ ٱلرِّيَٰحَ بُشْرًۢا بَيْنَ يَدَىْ رَحْمَتِهِۦ ۖ حَتَّىٰٓ إِذَآ أَقَلَّتْ سَحَابًا ثِقَالًا سُقْنَٰهُ لِبَلَدٍ مَّيِّتٍ فَأَنزَلْنَا بِهِ ٱلْمَآءَ فَأَخْرَجْنَا بِهِۦ مِن كُلِّ ٱلثَّمَرَٰتِ ۚ كَذَٰلِكَ نُخْرِجُ ٱلْمَوْتَىٰ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ ﴿٥٧﴾

57. At Siya ang nagpapadala ng hangin bilang pagpapahayag ng mabuting balita (na pumapalaot) sa harapan ng Kanyang habag (alalaong baga, ang pagpatak ng ulan na magaganap dahil sa hangin). Hanggang nang ito (hangin) ay makapagdala nang mabigat na ulap, Aming ipinadpad ito sa isang tigang na lupa (upang buhaying muli o manariwa), at Aming pinapangyari na ang ulan ay mamalisbis dito. At Kami ay nagpasibol dito (sa kalupaan) ng lahat ng uri ng bungangkahoy. Sa gayon ding paraan ay Aming ibabangon ang mga patay (alalaong baga, kung paano Namin binigyang-buhay ang tigang o patay na lupa, sa gayong din paraan ay ibabangon Naming muli sa pagkabuhay ang mga patay sa Araw ng Muling Pagkabuhay), upang kayo ay mabigyan ng aral (paala-ala).

وَٱلْبَلَدُ ٱلطَّيِّبُ يَخْرُجُ نَبَاتُهُۥ بِإِذْنِ رَبِّهِۦ ۖ وَٱلَّذِى خَبُثَ لَا يَخْرُجُ إِلَّا نَكِدًا ۚ كَذَٰلِكَ

58. Ang mabuting lupa, - ang halaman dito (ay madaling) sumibol sa kapahintulutan ng kanyang Panginoon; at sa masamang (lupa), rito

ay walang sumibol maliban sa kakarampot lamang (bukod) pa sa may kahirapan. Sa ganito Namin ipinapaliwanag sa maraming paraan ang *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) sa mga tao na nagbibigay ng pasasalamat.

نُصَرِّفُ ٱلْءَايَٰتِ لِقَوْمٍ يَشْكُرُونَ ﴿٥٨﴾

59. Katotohanang Aming isinugo si Noah sa kanyang pamayanan, at siya ay nagsabi: "O aking pamayanan! Sambahin ninyo si Allah! Wala na kayong iba pang *Ilah* (Diyos) maliban sa Kanya. Katiyakang ako ay nangangamba para sa inyo sa kaparusahan ng katakut-takot na Araw!"

لَقَدْ أَرْسَلْنَا نُوحًا إِلَىٰ قَوْمِهِۦ فَقَالَ يَٰقَوْمِ ٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ مَا لَكُم مِّنْ إِلَٰهٍ غَيْرُهُۥٓ ۖ إِنِّىٓ أَخَافُ عَلَيْكُمْ عَذَابَ يَوْمٍ عَظِيمٍ ﴿٥٩﴾

60. Ang mga pinuno ng kanyang pamayanan ay nagsabi: "Katotohanang ikaw ay namamalas namin sa isang lantad na pagkaligaw."

قَالَ ٱلْمَلَأُ مِن قَوْمِهِۦٓ إِنَّا لَنَرَىٰكَ فِى ضَلَٰلٍ مُّبِينٍ ﴿٦٠﴾

61. Siya (Noah) ay nagbadya: "O aking pamayanan! Walang pagkaligaw sa akin, datapuwa't ako ay isang Sugo mula sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang!

قَالَ يَٰقَوْمِ لَيْسَ بِى ضَلَٰلَةٌ وَلَٰكِنِّى رَسُولٌ مِّن رَّبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٦١﴾

62. Aking ipinararating sa inyo ang mga mensahe ng aking Panginoon at nagbibigay sa inyo ng matapat na pagpapayo. At aking nababatid mula kay Allah ang hindi ninyo nalalaman.

أُبَلِّغُكُمْ رِسَٰلَٰتِ رَبِّى وَأَنصَحُ لَكُمْ وَأَعْلَمُ مِنَ ٱللَّهِ مَا لَا تَعْلَمُونَ ﴿٦٢﴾

63. Kayo baga ay nagsisipamangha na may dumatal sa inyo na isang Paala-ala mula sa inyong Panginoon sa pamamagitan ng isang tao (Sugo) sa inyong lipon, upang kayo ay kanyang mabigyan ng babala, upang inyong pangambahan si Allah at upang inyong matanggap ang (Kanyang) Habag?"

أَوَعَجِبْتُمْ أَن جَآءَكُمْ ذِكْرٌ مِّن رَّبِّكُمْ عَلَىٰ رَجُلٍ مِّنكُمْ لِيُنذِرَكُمْ وَلِتَتَّقُوا۟ وَلَعَلَّكُمْ تُرْحَمُونَ ﴿٦٣﴾

64. Datapuwa't sila ay nagpasinungaling sa kanya, kaya't Aming iniligtas siya at ang mga kasama niya sa barko at Aming nilunod sila na nagpabulaan sa Aming *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.). Katotohanang sila ay mga bulag na tao.

فَكَذَّبُوهُ فَأَنجَيْنَٰهُ وَٱلَّذِينَ مَعَهُۥ فِى ٱلْفُلْكِ وَأَغْرَقْنَا ٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَآ ۚ إِنَّهُمْ كَانُوا۟ قَوْمًا عَمِينَ ﴿٦٤﴾

65. At (Aming isinugo sa pamayanan) ni A'ad ang kanilang kapatid na si Hud, siya ay nagbadya: "O aking pamayanan! Sambahin ninyo si Allah! Wala na kayong iba pang *Ilah*

۞ وَإِلَىٰ عَادٍ أَخَاهُمْ هُودًا ۚ قَالَ يَٰقَوْمِ ٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ مَا لَكُم مِّنْ إِلَٰهٍ غَيْرُهُۥٓ ۖ أَفَلَا تَتَّقُونَ ﴿٦٥﴾

(Diyos) maliban sa Kanya. Hindi baga kayo nangangamba kay Allah?"

قَالَ ٱلْمَلَأُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِن قَوْمِهِۦٓ إِنَّا لَنَرَىٰكَ فِى سَفَاهَةٍ وَإِنَّا لَنَظُنُّكَ مِنَ ٱلْكَٰذِبِينَ ﴿٦٦﴾

66. Ang mga pinuno ng mga hindi sumasampalataya sa lipon ng kanyang pamayanan ay nagsabi: "Katotohanang namamalas ka namin sa kalokohan, at katotohanang kami ay nag-iisip na ikaw ay isa sa mga sinungaling."

قَالَ يَٰقَوْمِ لَيْسَ بِى سَفَاهَةٌ وَلَٰكِنِّى رَسُولٌ مِّن رَّبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٦٧﴾

67. (Si Hud) ay nagsabi: "O aking pamayanan! Walang kalokohan sa akin, datapuwa't ako ay isang Sugo mula sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang!

أُبَلِّغُكُمْ رِسَٰلَٰتِ رَبِّى وَأَنَا۠ لَكُمْ نَاصِحٌ أَمِينٌ ﴿٦٨﴾

68. Ipinararating ko sa inyo ang mga mensahe ng aking Panginoon, at ako ay isang mapagkakatiwalaang tagapayo (o kapanalig) sa inyo.

أَوَعَجِبْتُمْ أَن جَآءَكُمْ ذِكْرٌ مِّن رَّبِّكُمْ عَلَىٰ رَجُلٍ مِّنكُمْ لِيُنذِرَكُمْ ۚ وَٱذْكُرُوٓا۟ إِذْ جَعَلَكُمْ خُلَفَآءَ مِنۢ بَعْدِ قَوْمِ نُوحٍ وَزَادَكُمْ فِى ٱلْخَلْقِ بَصْۜطَةً ۖ فَٱذْكُرُوٓا۟ ءَالَآءَ ٱللَّهِ لَعَلَّكُمْ تُفْلِحُونَ ﴿٦٩﴾

69. Kayo baga ay namamangha na mayroong dumatal sa inyo na isang Paala-ala (at isang payo) mula sa inyong Panginoon sa pamamagitan ng isang tao (Sugo) sa inyong lipon upang kayo ay kanyang mabigyan ng babala? At inyong alalahanin nang kayo ay ginawa Niyang mga tagapagmana, makaraan ang mga tao (pamayanan) ni Noah, at kayo ay Kanyang pinarami na mataas (sa tindig). Kaya't inyong alalahanin ang mga biyaya (na ipinagkaloob sa inyo) ni Allah upang kayo ay maging matagumpay."

قَالُوٓا۟ أَجِئْتَنَا لِنَعْبُدَ ٱللَّهَ وَحْدَهُۥ وَنَذَرَ مَا كَانَ يَعْبُدُ ءَابَآؤُنَا ۖ فَأْتِنَا بِمَا تَعِدُنَآ إِن كُنتَ مِنَ ٱلصَّٰدِقِينَ ﴿٧٠﴾

70. Sila ay nagsabi: "Ikaw ay pumarito sa amin upang kami ay marapat na sumamba lamang kay Allah at iwanan ang sinasamba na kinagisnan ng aming mga ninuno. Kaya't dalhin mo sa amin ang bagay na iyong ipinananakot sa amin kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan."

قَالَ قَدْ وَقَعَ عَلَيْكُم مِّن رَّبِّكُمْ رِجْسٌ وَغَضَبٌ ۖ أَتُجَٰدِلُونَنِى فِىٓ أَسْمَآءٍ سَمَّيْتُمُوهَآ أَنتُمْ وَءَابَآؤُكُم مَّا نَزَّلَ ٱللَّهُ بِهَا مِن سُلْطَٰنٍ ۚ فَٱنتَظِرُوٓا۟ إِنِّى مَعَكُم مِّنَ ٱلْمُنتَظِرِينَ ﴿٧١﴾

71. (Si Hud) ay nagsabi: "Ang kaparusahan at poot ay tunay na dumatal sa inyo mula sa inyong Panginoon. Nakikipagtalo ba kayo sa akin dahilan sa mga pangalan (ng mga diyus-diyosan) na inyong binanggit, kayo at ang inyong mga ninuno, na hindi pinadalhan ni Allah ng katibayan? Kung gayon, hintayin ninyo ang kaparusahan, ako rin ay maghihintay."

فَأَنجَيْنَٰهُ وَٱلَّذِينَ مَعَهُۥ بِرَحْمَةٍ مِّنَّا وَقَطَعْنَا دَابِرَ ٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا ۖ وَمَا كَانُوا۟ مُؤْمِنِينَ ﴿٧٢﴾

72. Kaya't Aming iniligtas siya at ang kanyang mga kasama sa pamamagitan ng Habag mula sa Amin at pinalis Naming ganap ang mga nagpabulaan sa Aming *Ayat* (mga katibayan, aral, tanda, kapahayagan, atbp.), at sila ay hindi nananampalataya.

وَإِلَىٰ ثَمُودَ أَخَاهُمْ صَٰلِحًا ۚ قَالَ يَٰقَوْمِ ٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ مَا لَكُم مِّنْ إِلَٰهٍ غَيْرُهُۥ ۖ قَدْ جَآءَتْكُم بَيِّنَةٌ مِّن رَّبِّكُمْ ۖ هَٰذِهِۦ نَاقَةُ ٱللَّهِ لَكُمْ ءَايَةً ۖ فَذَرُوهَا تَأْكُلْ فِىٓ أَرْضِ ٱللَّهِ ۖ وَلَا تَمَسُّوهَا بِسُوٓءٍ فَيَأْخُذَكُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٧٣﴾

73. At (sa pamayanan) ni Thamud (ay Aming isinugo) ang kanilang kapatid na si Salih. Siya ay nagbadya: "O aking payamanan! Sambahin ninyo si Allah, kayo ay wala ng iba pang *Ilah* (Diyos) maliban sa Kanya. Katotohanang dumatal na sa inyo ang isang maliwanag na Tanda (ang himala nang paglabas ng isang babaeng kamelyo sa gitna ng isang malaking bato) mula sa inyong Panginoon. Ang babaeng kamelyong ito ni Allah ay isang Tanda sa inyo; kaya't hayaan ninyo na manginain siya sa kalupaan ni Allah at huwag ninyo siyang saktan, (kung hindi) baka ang isang kasakit-sakit na kaparusahan ay sumakmal sa inyo."

وَٱذْكُرُوٓا۟ إِذْ جَعَلَكُمْ خُلَفَآءَ مِنۢ بَعْدِ عَادٍ وَبَوَّأَكُمْ فِى ٱلْأَرْضِ تَتَّخِذُونَ مِن سُهُولِهَا قُصُورًا وَتَنْحِتُونَ ٱلْجِبَالَ بُيُوتًا ۖ فَٱذْكُرُوٓا۟ ءَالَآءَ ٱللَّهِ وَلَا تَعْثَوْا۟ فِى ٱلْأَرْضِ مُفْسِدِينَ ﴿٧٤﴾

74. "At inyong alalahanin nang kayo ay ginawa Niyang mga tagapagmana, makaraan (ang pamayanan) ni A'ad, at Kanyang binigyan kayo ng mga pananahanan sa kalupaan, kayo ay nagtatayo sa inyong sarili ng mga palasyo sa kapatagan at umuukit pa ng inyong tahanan sa kabundukan. Kaya't alalahanin ang mga biyaya (na ipinagkaloob sa inyo) mula kay Allah, at huwag kayong magsipaglibot sa kalupaan sa paggawa ng kabuktutan."

قَالَ ٱلْمَلَأُ ٱلَّذِينَ ٱسْتَكْبَرُوا۟ مِن قَوْمِهِۦ لِلَّذِينَ ٱسْتُضْعِفُوا۟ لِمَنْ ءَامَنَ مِنْهُمْ أَتَعْلَمُونَ أَنَّ صَٰلِحًا مُّرْسَلٌ مِّن رَّبِّهِۦ ۚ قَالُوٓا۟ إِنَّا بِمَآ أُرْسِلَ بِهِۦ مُؤْمِنُونَ ﴿٧٥﴾

75. Ang mga pinuno ng mga palalo sa lipon ng kanyang pamayanan ay nagsabi sa kanila na mga ibinibilang na mahihina, - sa kanila na nagsisampalataya: "Nalalaman ba ninyo na si Salih ang siyang isinugo ng kanyang Panginoon?" Sila ay nagsabi: "Katotohanang kami ay nananalig sa bagay na ipinadala sa kanya."

قَالَ ٱلَّذِينَ ٱسْتَكْبَرُوٓا۟ إِنَّا بِٱلَّذِىٓ ءَامَنتُم بِهِۦ كَٰفِرُونَ ﴿٧٦﴾

76. Ang mga palalo ay nagsabi: "Katotohanang kami ay hindi sumasampalataya sa inyong pinapanaligan."

فَعَقَرُوا۟ ٱلنَّاقَةَ وَعَتَوْا۟ عَنْ أَمْرِ رَبِّهِمْ

77. Kaya't kanilang binigti ang babaeng

kamelyo at walang pakundangang nilabag nila ang Pag-uutos ng kanilang Panginoon, at nagsabi: "O Salih! Dalhin mo sa amin ang iyong mga banta kung ikaw ay tunay na isa sa mga Sugo (ni Allah)."

وَقَالُوا۟ يَٰصَٰلِحُ ٱئْتِنَا بِمَا تَعِدُنَآ إِن كُنتَ مِنَ ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿٧٧﴾

78. Kaya't ang lindol ay lumagom sa kanila, at sila ay nakahandusay na walang buhay, na nakalupasay sa kanilang tahanan.

فَأَخَذَتْهُمُ ٱلرَّجْفَةُ فَأَصْبَحُوا۟ فِى دَارِهِمْ جَٰثِمِينَ ﴿٧٨﴾

79. At siya (Salih) ay paalis na lumingon sa kanila at nagsabi: "O aking pamayanan! Katotohanang aking ipinarating sa inyo ang mensahe ng aking Panginoon at kayo ay pinagpayuhan ko, datapuwa't hindi ninyo naiibigan ang (mababuting) tagapayo."

فَتَوَلَّىٰ عَنْهُمْ وَقَالَ يَٰقَوْمِ لَقَدْ أَبْلَغْتُكُمْ رِسَالَةَ رَبِّى وَنَصَحْتُ لَكُمْ وَلَٰكِن لَّا تُحِبُّونَ ٱلنَّٰصِحِينَ ﴿٧٩﴾

80. At (alalahanin) si Lut, nang sabihin niya sa kanyang pamayanan: "Inyo bagang ginagawa ang pinakamasamang kasalanan, na wala pang sinuman ang nakauna sa inyo (sa paggawa nito) sa lahat ng mga nilalang?

وَلُوطًا إِذْ قَالَ لِقَوْمِهِۦٓ أَتَأْتُونَ ٱلْفَٰحِشَةَ مَا سَبَقَكُم بِهَا مِنْ أَحَدٍ مِّنَ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٨٠﴾

81. Katotohanang inyong idinaraos ang inyong pagnanasa sa mga lalaki, sa halip ng mga babae. Higit pa, kayo ay mga tao na lumalabag (nang lagpas sa hangganan sa paggawa ng malalaking kasalanan)."

إِنَّكُمْ لَتَأْتُونَ ٱلرِّجَالَ شَهْوَةً مِّن دُونِ ٱلنِّسَآءِ ۚ بَلْ أَنتُمْ قَوْمٌ مُّسْرِفُونَ ﴿٨١﴾

82. At ang sagot ng kanyang pamayanan ay tanging ang kanilang pagsasabi: "Sila ay palayasin ninyo sa inyong bayan, katotohanang sila ang mga tao na nagnanais na maging dalisay (sa mga kasalanan)!"

وَمَا كَانَ جَوَابَ قَوْمِهِۦٓ إِلَّآ أَن قَالُوٓا۟ أَخْرِجُوهُم مِّن قَرْيَتِكُمْ ۖ إِنَّهُمْ أُنَاسٌ يَتَطَهَّرُونَ ﴿٨٢﴾

83. At Aming iniligtas siya at ang kanyang pamilya, maliban lamang sa kanyang asawa; siya ay isa roon sa mga nagpaiwan (alalaong baga, nagpaiwan tungo sa kaparusahan).

فَأَنجَيْنَٰهُ وَأَهْلَهُۥٓ إِلَّا ٱمْرَأَتَهُۥ كَانَتْ مِنَ ٱلْغَٰبِرِينَ ﴿٨٣﴾

84. At nagpaulan Kami sa kanila ng ulan (ng mga bato). At pagmasdan kung ano ang kinahinatnan ng *Mujrimun* (mga kriminal, mapagsamba sa diyus-diyosan, makasalanan).

وَأَمْطَرْنَا عَلَيْهِم مَّطَرًا ۖ فَٱنظُرْ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلْمُجْرِمِينَ ﴿٨٤﴾

85. At (sa pamayanan) ng Madyan (Midian) ay (Aming isinugo) ang kanilang kapatid na si Shu'aib. Siya ay nagbadya: "O aking pamayanan! Sambahin ninyo si Allah, wala na kayong iba pang *Ilah* (Diyos) maliban sa Kanya.

وَإِلَىٰ مَدْيَنَ أَخَاهُمْ شُعَيْبًا ۚ قَالَ يَٰقَوْمِ ٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ مَا لَكُم مِّنْ إِلَٰهٍ غَيْرُهُۥ ۖ قَدْ جَآءَتْكُم بَيِّنَةٌ مِّن رَّبِّكُمْ ۖ فَأَوْفُوا۟

Katotohanang dumatal na sa inyo ang isang maliwanag na Tanda (Katibayan) mula sa inyong Panginoon; kaya't magbigay ng tamang sukat at hustong timbang at huwag ipagkait sa mga tao ang sa kanila ay nararapat (o nakalaan), at huwag gumawa ng kabuktutan sa kalupaan matapos na ito ay mapagpanibago (naitalaga sa ayos), ito ay higit na mainam sa inyo kung kayo ay sumasampalataya.

ٱلْكَيْلَ وَٱلْمِيزَانَ وَلَا تَبْخَسُوا۟ ٱلنَّاسَ أَشْيَآءَهُمْ وَلَا تُفْسِدُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ بَعْدَ إِصْلَٰحِهَا ۚ ذَٰلِكُمْ خَيْرٌ لَّكُمْ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ﴿٨٥﴾

86. At huwag maupo sa bawat daan, na nananakot at humahadlang tungo sa Landas ni Allah sa mga sumasampalataya sa Kanya, at naghahangad na ito ay gawing baluktot. At alalahanin nang kayo ay iilan lamang at Kanyang pinarami kayo. At pagmalasin kung ano ang kinahinatnan ng *Mufsidun* (mga buktot, tampalasan, buhong, sinungaling).

وَلَا تَقْعُدُوا۟ بِكُلِّ صِرَٰطٍ تُوعِدُونَ وَتَصُدُّونَ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ مَنْ ءَامَنَ بِهِۦ وَتَبْغُونَهَا عِوَجًا ۚ وَٱذْكُرُوٓا۟ إِذْ كُنتُمْ قَلِيلًا فَكَثَّرَكُمْ ۖ وَٱنظُرُوا۟ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلْمُفْسِدِينَ ﴿٨٦﴾

87. At kung mayroong isang pangkat sa inyo na naniniwala sa ipinahayag sa akin at isang pangkat na hindi sumasampalataya, kayo (ang mga hindi sumasampalataya) ay (maghintay at) maging matiyaga hanggang si Allah ay humatol sa pagitan natin (sa pagdatal ng Kanyang kaparusahan), at Siya ang Pinakamahusay sa lahat ng Hukom."

وَإِن كَانَ طَآئِفَةٌ مِّنكُمْ ءَامَنُوا۟ بِٱلَّذِىٓ أُرْسِلْتُ بِهِۦ وَطَآئِفَةٌ لَّمْ يُؤْمِنُوا۟ فَٱصْبِرُوا۟ حَتَّىٰ يَحْكُمَ ٱللَّهُ بَيْنَنَا ۚ وَهُوَ خَيْرُ ٱلْحَٰكِمِينَ ﴿٨٧﴾

۞ قَالَ ٱلْمَلَأُ ٱلَّذِينَ ٱسْتَكْبَرُوا۟ مِن قَوْمِهِۦ لَنُخْرِجَنَّكَ يَٰشُعَيْبُ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مَعَكَ مِن قَرْيَتِنَآ أَوْ لَتَعُودُنَّ فِى مِلَّتِنَا ۚ قَالَ أَوَلَوْ كُنَّا كَٰرِهِينَ ﴿٨٨﴾

88. Ang mga pinuno ng mga palalo sa lipon ng kanyang pamayanan ay nagsabi: "Katiyakang ikaw ay aming itataboy, O Shu'aib, at sila na naniniwala sa iyo mula sa aming bayan, kung hindi, kayong lahat ay magbabalik sa aming pananampalataya." Siya (Shu'aib) ay nagsabi: "Kahit na ito ay aming kinasusuklaman?

قَدِ ٱفْتَرَيْنَا عَلَى ٱللَّهِ كَذِبًا إِنْ عُدْنَا فِى مِلَّتِكُم بَعْدَ إِذْ نَجَّىٰنَا ٱللَّهُ مِنْهَا ۚ وَمَا يَكُونُ لَنَآ أَن نَّعُودَ فِيهَآ إِلَّآ أَن يَشَآءَ ٱللَّهُ رَبُّنَا ۚ وَسِعَ رَبُّنَا كُلَّ شَىْءٍ عِلْمًا ۗ عَلَى ٱللَّهِ تَوَكَّلْنَا ۚ رَبَّنَا ٱفْتَحْ بَيْنَنَا وَبَيْنَ قَوْمِنَا بِٱلْحَقِّ وَأَنتَ خَيْرُ ٱلْفَٰتِحِينَ ﴿٨٩﴾

89. Kami ay tunay na kumakatha ng kasinungalingan laban kay Allah kung kami ay magbabalik sa inyong pananampalataya, matapos na kami ay sagipin dito ni Allah. At wala sa amin ang pagpapasya na magbalik dito (sa liwas na pananalig), malibang si Allah, ang aming Panginoon, ang magnais nito. Ang aming Panginoon ay nakababatid ng lahat ng mga bagay. Kay Allah (lamang) namin inilalagay ang aming pagtitiwala. O Aming Panginoon! Kayo ang humatol sa katotohanan sa pagitan namin at ng aming pamayanan, sapagkat Kayo ang pinakamahusay sa lahat ng nagbibigay ng kahatulan."

وَقَالَ ٱلْمَلَأُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِن قَوْمِهِۦ لَئِنِ ٱتَّبَعْتُمْ شُعَيْبًا إِنَّكُمْ إِذًا لَّخَٰسِرُونَ ﴿٩٠﴾

90. Ang mga pinuno ng mga hindi sumasampalataya sa lipon ng kanyang pamayanan ay nagsabi (sa kanilang pamayanan): "Kung inyong susundin si Shu'aib, katiyakang kayo ay magiging mga talunan!"

فَأَخَذَتْهُمُ ٱلرَّجْفَةُ فَأَصْبَحُوا۟ فِى دَارِهِمْ جَٰثِمِينَ ﴿٩١﴾

91. Kaya't ang lindol ay lumagom sa kanila, at sila ay nakahandusay na walang buhay, na nakalupasay sa kanilang tahanan.

ٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ شُعَيْبًا كَأَن لَّمْ يَغْنَوْا۟ فِيهَا ۚ ٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ شُعَيْبًا كَانُوا۟ هُمُ ٱلْخَٰسِرِينَ ﴿٩٢﴾

92. Sila na nagpabulaan kay Shu'aib, ay nangyari, na wari bang sila ay hindi nagsipanirahan doon (sa kanilang tahanan). Ang mga nagpasinungaling kay Shu'aib, sila ang mga talunan (dito sa mundo, sapagkat sila ay nawasak maging sa Kabilang Buhay).

فَتَوَلَّىٰ عَنْهُمْ وَقَالَ يَٰقَوْمِ لَقَدْ أَبْلَغْتُكُمْ رِسَٰلَٰتِ رَبِّى وَنَصَحْتُ لَكُمْ ۖ فَكَيْفَ ءَاسَىٰ عَلَىٰ قَوْمٍ كَٰفِرِينَ ﴿٩٣﴾

93. At siya (Shu'aib) ay paalis na lumingon sa kanila at nagsabi: "O aking pamayanan! Katotohanang aking ipinarating sa inyo ang mga mensahe ng aking Panginoon at kayo ay binigyan ko ng mabuting payo. Kung gayon, bakit ako magdadalamhati (sa pagkawasak) ng mga tao na hindi sumampalataya."

وَمَآ أَرۡسَلۡنَا فِي قَرۡيَةٖ مِّن نَّبِيٍّ إِلَّآ أَخَذۡنَآ أَهۡلَهَا بِٱلۡبَأۡسَآءِ وَٱلضَّرَّآءِ لَعَلَّهُمۡ يَضَّرَّعُونَ ﴿٩٤﴾

94. At hindi Kami nagsugo sa alinmang lungsod ng isang propeta (na kanilang itinakwil), na hindi Namin sinakmal ang mga tao rito ng matinding kahirapan (o pagkawala ng kayamanan at pagkawala ng kalusugan) at mga paghihirap (o kalamidad), upang sila ay magpakababa sa kanilang sarili (at magtika kay Allah).

ثُمَّ بَدَّلۡنَا مَكَانَ ٱلسَّيِّئَةِ ٱلۡحَسَنَةَ حَتَّىٰ عَفَواْ وَّقَالُواْ قَدۡ مَسَّ ءَابَآءَنَا ٱلضَّرَّآءُ وَٱلسَّرَّآءُ فَأَخَذۡنَٰهُم بَغۡتَةٗ وَهُمۡ لَا يَشۡعُرُونَ ﴿٩٥﴾

95. At Aming pinalitan ang kasamaan ng kabutihan, hanggang sa sila ay dumami sa bilang (at sa kayamanan at kasaganaan), at nangusap: "Ang aming mga ninuno ay dinapuan ng paghihirap (pagkawala ng kalusugan at mga kalamidad) at ng kaginhawahan (mabuting kasaganaan)." (Datapuwa't hindi sila nakakuha ng aral sa mga nangyari). Kaya't Aming sinakmal sila nang walang kaabug-abog habang sila ay walang kaalaman.

وَلَوۡ أَنَّ أَهۡلَ ٱلۡقُرَىٰٓ ءَامَنُواْ وَٱتَّقَوۡاْ لَفَتَحۡنَا عَلَيۡهِم بَرَكَٰتٖ مِّنَ ٱلسَّمَآءِ وَٱلۡأَرۡضِ وَلَٰكِن كَذَّبُواْ فَأَخَذۡنَٰهُم بِمَا كَانُواْ يَكۡسِبُونَ ﴿٩٦﴾

96. At kung ang pamayanan ng mga bayan ay nanampalataya at nagkaroon ng *Taqwa* (pangangamba kay Allah, kataimtiman at pagkamasunurin), katiyakang Amin (sanang) bubuksan sa kanila ang mga biyaya mula sa kalangitan at kalupaan, datapuwa't sila ay nagpasinungaling (sa mga Sugo). Kaya't Aming sinakmal sila (ng kaparusahan) dahilan sa kanilang ginagawa (alalaong baga, ang kanilang pagsamba sa mga diyus-diyosan at mga krimen na kanilang ginawa).

أَفَأَمِنَ أَهۡلُ ٱلۡقُرَىٰٓ أَن يَأۡتِيَهُم بَأۡسُنَا بَيَٰتٗا وَهُمۡ نَآئِمُونَ ﴿٩٧﴾

97. Sila bagang pamayanan ng mga bayan ay nakadarama ng kaligtasan laban sa pagdatal ng Aming kaparusahan sa gabi habang sila ay natutulog?

أَوَ أَمِنَ أَهۡلُ ٱلۡقُرَىٰٓ أَن يَأۡتِيَهُم بَأۡسُنَا ضُحٗى وَهُمۡ يَلۡعَبُونَ ﴿٩٨﴾

98. O sila bagang pamayanan ng mga bayan ay nakadarama ng kaligtasan laban sa pagdatal ng Aming kaparusahan bago magtanghali habang sila ay naglalaro?

أَفَأَمِنُواْ مَكۡرَ ٱللَّهِۚ فَلَا يَأۡمَنُ مَكۡرَ ٱللَّهِ إِلَّا ٱلۡقَوۡمُ ٱلۡخَٰسِرُونَ ﴿٩٩﴾

99. Sila baga'y nakadarama ng kaligtasan laban sa balak (ang kaparusahan) ni Allah (habang sila ay binibigyan ng palugit upang magsaya rito sa mundo)? Datapuwa't walang sinuman ang nakadarama ng kaligtasan sa balak ni Allah,

maliban sa mga tao na (nakatakda) sa pagkawasak (alalaong baga, ang isang nananampalataya ay gumagawa ng lahat ng gawang pagsamba, na patuloy na nakadarama ng pangangamba, sa pagkatakot at pagkabalisa; [ngunit] ang tampalasang makasalanan ay nagsasagawa ng mga gawain ng pagsuway o krimen habang patuloy na nakakaramdam na siya ay ligtas sa kaparusahan ni Allah)[23] .

أَوَلَمْ يَهْدِ لِلَّذِينَ يَرِثُونَ ٱلْأَرْضَ مِنۢ بَعْدِ أَهْلِهَآ أَن لَّوْ نَشَآءُ أَصَبْنَٰهُم بِذُنُوبِهِمْ ۚ وَنَطْبَعُ عَلَىٰ قُلُوبِهِمْ فَهُمْ لَا يَسْمَعُونَ ﴿١٠٠﴾

100. At kung hindi pa naging maliwanag sa kanila na mga nagmana ng kalupaan matapos (ang panahon ng nakaraang) mga tao; na kung Aming ninais, Amin din silang parurusahan dahilan sa kanilang mga kasalanan. At Aming sinasarhan ang kanilang puso upang sila ay hindi makarinig?

تِلْكَ ٱلْقُرَىٰ نَقُصُّ عَلَيْكَ مِنْ أَنۢبَآئِهَا ۚ وَلَقَدْ جَآءَتْهُمْ رُسُلُهُم بِٱلْبَيِّنَٰتِ فَمَا كَانُوا۟ لِيُؤْمِنُوا۟ بِمَا كَذَّبُوا۟ مِن قَبْلُ ۚ كَذَٰلِكَ يَطْبَعُ ٱللَّهُ عَلَىٰ قُلُوبِ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿١٠١﴾

101. Ito ang kasaysayan ng mga bayan (pamayanan) na Aming isinalaysay sa iyo (O Muhammad). At katotohanang dumatal sa kanila ang kanilang mga Sugo na may (dalang) maliliwanag na Katibayan, datapuwa't sila ay hindi nakahanda na manampalataya sa bagay na kanilang itinakwil noon pang una. Sa ganitong paraan sinasarhan ni Allah ang puso ng mga hindi sumasampalataya (alalaong baga, kung sinarhan man ni Allah ang puso ng mga nagtakwil sa kanilang mga Sugo noon, sa gayon ding paraan sasarhan ni Allah ang puso ng mga magtatakwil kay Propeta Muhammad).

وَمَا وَجَدْنَا لِأَكْثَرِهِم مِّنْ عَهْدٍ ۖ وَإِن وَجَدْنَآ أَكْثَرَهُمْ لَفَٰسِقِينَ ﴿١٠٢﴾

102. At ang karamihan sa kanila (mga nanga-unang bayan) ay Aming natagpuan na hindi tapat sa kanilang kasunduan, bagkus ang karamihan sa kanila ay tunay Naming natagpuan na *Fasiqun* (mapaghimagsik at palasuway kay Allah).

ثُمَّ بَعَثْنَا مِنۢ بَعْدِهِم مُّوسَىٰ بِـَٔايَٰتِنَآ إِلَىٰ فِرْعَوْنَ وَمَلَإِيْهِۦ فَظَلَمُوا۟ بِهَا ۖ فَٱنظُرْ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلْمُفْسِدِينَ ﴿١٠٣﴾

103. At pagkaraan nila (mga nanga-unang Sugo) ay Aming isinugo si Moises na kasama ang Aming mga Tanda (Himala) kay Paraon at sa kanyang mga pinuno (pamayanan), datapuwa't sa kawalang-katarungan ay kanilang

[23] Komentaryo ni Imam Al-Hasan Al-Basri. Ibn Kathir, Vol. 4/125.

itinakwil siya. Kaya't pagmasdan kung ano ang kinasapitan ng *Mufsidun* (mga mapaggawa ng kabuktutan, tampalasan, buhong).

وَقَالَ مُوسَىٰ يَٰفِرْعَوْنُ إِنِّى رَسُولٌ مِّن رَّبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿١٠٤﴾

104. At si Moises ay nagbadya: "O Paraon! Ako ay isang Sugo mula sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang.

حَقِيقٌ عَلَىٰٓ أَن لَّآ أَقُولَ عَلَى ٱللَّهِ إِلَّا ٱلْحَقَّ ۚ قَدْ جِئْتُكُم بِبَيِّنَةٍ مِّن رَّبِّكُمْ فَأَرْسِلْ مَعِىَ بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ ﴿١٠٥﴾

105. Marapat para sa akin na huwag mangusap ng hinggil kay Allah maliban sa katotohanan. Katotohanang ako ay naparito sa inyo mula sa inyong Panginoon na may dalang maliwanag na katibayan. Kaya't hayaan ang Angkan ng Israel ay lumisan na kasama ko."

قَالَ إِن كُنتَ جِئْتَ بِـَٔايَةٍ فَأْتِ بِهَآ إِن كُنتَ مِنَ ٱلصَّٰدِقِينَ ﴿١٠٦﴾

106. (Si Paraon) ay nangusap: "Kung ikaw ay dumatal na may Tanda, ito ay iyong ilantad dito, - kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan."

فَأَلْقَىٰ عَصَاهُ فَإِذَا هِىَ ثُعْبَانٌ مُّبِينٌ ﴿١٠٧﴾

107. (At si Moises) ay naghagis ng kanyang tungkod, at ito ay naging isang lantad na ahas!

وَنَزَعَ يَدَهُۥ فَإِذَا هِىَ بَيْضَآءُ لِلنَّٰظِرِينَ ﴿١٠٨﴾

108. At kanyang inilabas ang kanyang kamay, at ito ay naging puti (na nagniningning) sa mga nakakamalas.

قَالَ ٱلْمَلَأُ مِن قَوْمِ فِرْعَوْنَ إِنَّ هَٰذَا لَسَٰحِرٌ عَلِيمٌ ﴿١٠٩﴾

109. Ang mga pinuno ng mga tao ni Paraon ay nagsabi: "Katotohanang ito ay (gawa ng) isang magaling na manggagaway;

يُرِيدُ أَن يُخْرِجَكُم مِّنْ أَرْضِكُمْ ۖ فَمَاذَا تَأْمُرُونَ ﴿١١٠﴾

110. Nais niyang itaboy kayo sa inyong lupain, kaya't ano ang inyong maipapayo (sa akin [Paraon])?"

قَالُوٓا۟ أَرْجِهْ وَأَخَاهُ وَأَرْسِلْ فِى ٱلْمَدَآئِنِ حَٰشِرِينَ ﴿١١١﴾

111. Sila ay nagturing: "Ipagpaliban (muna ang usapin sa kanya) at sa kanyang kapatid (sa ilang oras), at magpadala (ng mga tagatawag) sa mga lunsod upang magkatipun-tipon ang mga tao."

يَأْتُوكَ بِكُلِّ سَحَّارٍ عَلِيمٍ ﴿١١٢﴾

112. Upang kanilang dalhin sa inyo ang pinakamagagaling na manggagaway."

وَجَآءَ ٱلسَّحَرَةُ فِرْعَوْنَ قَالُوٓا۟ إِنَّ لَنَا لَأَجْرًا إِن كُنَّا نَحْنُ ٱلْغَٰلِبِينَ ﴿١١٣﴾

113. Kaya't ang mga manggagaway ay pumaroon kay Paraon. Sila ay nangusap: "Katotohanang bang may malaking gantimpala sa amin kung kami ay maging matagumpay."

قَالَ نَعَمْ وَإِنَّكُمْ لَمِنَ ٱلْمُقَرَّبِينَ ﴿١١٤﴾

114. Siya (Paraon) ay nagsabi: "Oo, at higit pa riyan, (kung kayo ay magtagumpay), kayo ay magiging pinakamalapit (sa akin)."

قَالُوا۟ يَٰمُوسَىٰٓ إِمَّآ أَن تُلْقِىَ وَإِمَّآ أَن نَّكُونَ

115. Sila ay nagsabi: "O Moises! Maaaring ikaw ang (maunang) maghagis, o sa amin ang

(unang) hagis?"

نَحْنُ ٱلْمُلْقِينَ ﴿١١٥﴾

116. Siya (Moises) ay nagsabi: "Kayo ang (maunang) maghagis." Kaya't nang sila ang maghagis, kanilang ginaway ang mga mata ng mga tao at naghatid sila ng lagim sa kanila (alalaong baga, kanilang sinindak sila), at sila ay nagpamalas ng kahanga-hangang salamangka.

قَالَ أَلْقُوا۟ ۖ فَلَمَّآ أَلْقَوْا۟ سَحَرُوٓا۟ أَعْيُنَ ٱلنَّاسِ وَٱسْتَرْهَبُوهُمْ وَجَآءُو بِسِحْرٍ عَظِيمٍ ﴿١١٦﴾

117. At Aming binigyan ng inspirasyon si Moises (na nagsasabi): "Ihagis mo ang iyong tungkod", at kapagdaka, ito ay sumila (nang walang humpay) sa lahat ng mga kabulaanan na kanilang itinambad.

۞ وَأَوْحَيْنَآ إِلَىٰ مُوسَىٰٓ أَنْ أَلْقِ عَصَاكَ ۖ فَإِذَا هِىَ تَلْقَفُ مَا يَأْفِكُونَ ﴿١١٧﴾

118. Kaya't ang katotohanan ay napatibayan, at napalis ang anumang kanilang ginagawa.

فَوَقَعَ ٱلْحَقُّ وَبَطَلَ مَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿١١٨﴾

119. Kaya't sila ay nagapi rito at noon din, at bumalik sa kanila ang kahihiyan (pagkaaba).

فَغُلِبُوا۟ هُنَالِكَ وَٱنقَلَبُوا۟ صَٰغِرِينَ ﴿١١٩﴾

120. At ang mga manggagaway ay napahandusay na nangangayupapa (kay Allah).

وَأُلْقِىَ ٱلسَّحَرَةُ سَٰجِدِينَ ﴿١٢٠﴾

121. At sila ay nagsabi: "Kami ay sumasampalataya sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang,

قَالُوٓا۟ ءَامَنَّا بِرَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿١٢١﴾

122. Ang Panginoon ni Moises at Aaron."

رَبِّ مُوسَىٰ وَهَٰرُونَ ﴿١٢٢﴾

123. Si Paraon ay nagsabi: "Kayo ba ay naniwala na sa kanya (Moises) bago ko pa kayo bigyan ng pahintulot? Katiyakang ito ay isang pakana na inyong binalak sa lungsod (na kasama si Moises) upang itaboy ang mga tao rito, datapuwa't inyong mapag-aalaman;

قَالَ فِرْعَوْنُ ءَامَنتُم بِهِۦ قَبْلَ أَنْ ءَاذَنَ لَكُمْ ۖ إِنَّ هَٰذَا لَمَكْرٌ مَّكَرْتُمُوهُ فِى ٱلْمَدِينَةِ لِتُخْرِجُوا۟ مِنْهَآ أَهْلَهَا ۖ فَسَوْفَ تَعْلَمُونَ ﴿١٢٣﴾

124. Katiyakang aking puputulin ang inyong mga kamay at mga paa sa magkabilang panig at kayong lahat ay aking ipapako sa krus."

لَأُقَطِّعَنَّ أَيْدِيَكُمْ وَأَرْجُلَكُم مِّنْ خِلَٰفٍ ثُمَّ لَأُصَلِّبَنَّكُمْ أَجْمَعِينَ ﴿١٢٤﴾

125. Sila ay nagsabi: "Katotohanang kami ay magbabalik sa aming Panginoon,

قَالُوٓا۟ إِنَّآ إِلَىٰ رَبِّنَا مُنقَلِبُونَ ﴿١٢٥﴾

126. At ikaw (Paraon) ay gumagawa lamang ng paghihiganti sa amin sapagkat kami ay nanampalataya sa *Ayat* (mga katibayan, himala, kapahayagan, aral, tanda) ng aming Panginoon nang ito ay dumatal sa amin! O Aming Panginoon! Diligan Mo po kami ng pagtitiyaga,

وَمَا تَنقِمُ مِنَّآ إِلَّآ أَنْ ءَامَنَّا بِـَٔايَٰتِ رَبِّنَا لَمَّا جَآءَتْنَا ۚ رَبَّنَآ أَفْرِغْ عَلَيْنَا صَبْرًا وَتَوَفَّنَا مُسْلِمِينَ ﴿١٢٦﴾

at papangyarihin Ninyong mamatay kami na mga Muslim."

وَقَالَ ٱلْمَلَأُ مِن قَوْمِ فِرْعَوْنَ أَتَذَرُ مُوسَىٰ وَقَوْمَهُۥ لِيُفْسِدُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ وَيَذَرَكَ وَءَالِهَتَكَ ۚ قَالَ سَنُقَتِّلُ أَبْنَآءَهُمْ وَنَسْتَحْىِۦ نِسَآءَهُمْ ۖ وَإِنَّا فَوْقَهُمْ قَٰهِرُونَ ﴿١٢٧﴾

127. Ang mga pinuno ng mga tao ni Paraon ay nagsabi: "Inyo bagang pababayaan si Moises at ang kanyang mga tao na maghasik ng kalokohan sa kalupaan at iwanan kayo at ang inyong mga diyos?" Siya (Paraon) ay nagsabi: "Papatayin natin ang kanilang mga anak na lalaki at hahayaan natin na mabuhay ang kanilang mga babae, at katotohanang tayo ay mga manlulupig sa kanila."

قَالَ مُوسَىٰ لِقَوْمِهِ ٱسْتَعِينُوا۟ بِٱللَّهِ وَٱصْبِرُوٓا۟ ۖ إِنَّ ٱلْأَرْضَ لِلَّهِ يُورِثُهَا مَن يَشَآءُ مِنْ عِبَادِهِۦ ۖ وَٱلْعَٰقِبَةُ لِلْمُتَّقِينَ ﴿١٢٨﴾

128. Si Moises ay nagsabi sa kanyang mga tao: "Kayo ay manikluhod ng tulong kay Allah at maging matiyaga. Katotohanan, ang kalupaan ay pag-aangkin ni Allah. Ibinibigay Niyang pamana ito sa sinumang Kanyang maibigan sa Kanyang mga alipin, at ang panghuling tagumpay ay para sa *Muttaqun* (mga matimtiman at matutuwid na nananampalataya kay Allah).

قَالُوٓا۟ أُوذِينَا مِن قَبْلِ أَن تَأْتِيَنَا وَمِنۢ بَعْدِ مَا جِئْتَنَا ۚ قَالَ عَسَىٰ رَبُّكُمْ أَن يُهْلِكَ عَدُوَّكُمْ وَيَسْتَخْلِفَكُمْ فِى ٱلْأَرْضِ فَيَنظُرَ كَيْفَ تَعْمَلُونَ ﴿١٢٩﴾

129. Sila ay nagsabi: "Kaming (Angkan ng Israel) ay nasaktan na (nagdusa ng mga kaguluhan) bago ka pa dumatal sa amin, at matapos na ikaw ay dumating sa amin." Siya ay nagsabi: "Marahil ang inyong Panginoon ang wawasak sa inyong kaaway at gagawin kayong mga tagapagmana sa kalupaan, at mamamalas (Niya) kung paano kayo magsisikilos?"

وَلَقَدْ أَخَذْنَآ ءَالَ فِرْعَوْنَ بِٱلسِّنِينَ وَنَقْصٍ مِّنَ ٱلثَّمَرَٰتِ لَعَلَّهُمْ يَذَّكَّرُونَ ﴿١٣٠﴾

130. At katotohanang Aming pinarusahan ang mga tao ni Paraon ng tagtuyot at kakulangan ng mga bunga (at pananim), upang sila ay makaala-ala (alalaong baga, upang kanilang mapag-isip ang mga Biyaya ni Allah at Kagandahang-Loob na Kanyang ipinagkaloob sa kanila, at sa gayon, sila ay umiwas sa Kanyang mga ipinagbabawal at sumunod sa Kanyang mga ipinag-uutos).

فَإِذَا جَآءَتْهُمُ ٱلْحَسَنَةُ قَالُوا۟ لَنَا هَٰذِهِۦ ۖ وَإِن تُصِبْهُمْ سَيِّئَةٌ يَطَّيَّرُوا۟ بِمُوسَىٰ وَمَن مَّعَهُۥٓ ۗ أَلَآ إِنَّمَا طَٰٓئِرُهُمْ عِندَ ٱللَّهِ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ﴿١٣١﴾

131. Datapuwa't kung ang kabutihan (tulad ng panustos) ay sumapit sa kanila, sila ay nagsasabi: "Ito ay amin." At kung ang kasamaan ay maminsala sa kanila, sila ay nagtuturing dito na ito ay sanhi ng masamang

pangitain na nakakabit kay Moises at sa kanyang mga kasama. Hindi mapapasubalian, ang kanilang masamang pangitain ay nasa (kapangyarihan) ni Allah datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi nakakaalam.

وَقَالُوا۟ مَهْمَا تَأْتِنَا بِهِۦ مِنْ ءَايَةٍ لِّتَسْحَرَنَا بِهَا فَمَا نَحْنُ لَكَ بِمُؤْمِنِينَ ﴿١٣٢﴾

132. Sila ay nagsabi (kay Moises): "Anumang *Ayat* (mga katibayan, himala, kapahayagan, aral, tanda) ang iyong dalhin sa amin, upang gumawa ng panggagaway sa amin kailanman ay hindi kami sasampalataya sa iyo."

فَأَرْسَلْنَا عَلَيْهِمُ ٱلطُّوفَانَ وَٱلْجَرَادَ وَٱلْقُمَّلَ وَٱلضَّفَادِعَ وَٱلدَّمَ ءَايَٰتٍ مُّفَصَّلَٰتٍ فَٱسْتَكْبَرُوا۟ وَكَانُوا۟ قَوْمًا مُّجْرِمِينَ ﴿١٣٣﴾

133. Kaya't Aming ipinadala sa kanila (ang mga ito): ang baha, ang mga tipaklong, ang mga kuto, ang mga palaka, at ang dugo (bilang sunud-sunod) na mga maliliwanag na Tanda, datapuwa't sila ay mga palalo, at sila ay *Mujrimun* (mga kriminal, mapagsamba sa diyus-diyosan, makasalanan).

وَلَمَّا وَقَعَ عَلَيْهِمُ ٱلرِّجْزُ قَالُوا۟ يَٰمُوسَى ٱدْعُ لَنَا رَبَّكَ بِمَا عَهِدَ عِندَكَ ۖ لَئِن كَشَفْتَ عَنَّا ٱلرِّجْزَ لَنُؤْمِنَنَّ لَكَ وَلَنُرْسِلَنَّ مَعَكَ بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ ﴿١٣٤﴾

134. At nang ang kaparusahan (ang mga nabanggit sa unahan) ay sumapit sa kanila, sila ay nagsabi: "O Moises. Panikluhuran mo ang iyong Panginoon para sa amin dahilan sa Kanyang pangako sa iyo. Kung iyong papawiin ang kaparusahan sa amin, katotohanang kami ay sasampalataya sa iyo at hahayaan namin ang Angkan ng Israel ay lumisan na kasama mo."

فَلَمَّا كَشَفْنَا عَنْهُمُ ٱلرِّجْزَ إِلَىٰٓ أَجَلٍ هُم بَٰلِغُوهُ إِذَا هُمْ يَنكُثُونَ ﴿١٣٥﴾

135. Datapuwa't nang Aming pawiin ang kaparusahan sa kanila sa isang natatakdaang panahon na marapat nilang sapitin, kapagdaka, sila ay sumira sa kanilang salita (pangako)!

فَٱنتَقَمْنَا مِنْهُمْ فَأَغْرَقْنَٰهُمْ فِى ٱلْيَمِّ بِأَنَّهُمْ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا وَكَانُوا۟ عَنْهَا غَٰفِلِينَ ﴿١٣٦﴾

136. Kaya't Kami ay gumanti sa kanila. Sila ay Aming nilunod sa dagat sapagkat pinabulaanan nila ang Aming *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.), at sila ay pabaya sa pagsunod sa mga ito.

وَأَوْرَثْنَا ٱلْقَوْمَ ٱلَّذِينَ كَانُوا۟ يُسْتَضْعَفُونَ مَشَٰرِقَ ٱلْأَرْضِ وَمَغَٰرِبَهَا ٱلَّتِى بَٰرَكْنَا فِيهَا ۖ وَتَمَّتْ كَلِمَتُ رَبِّكَ ٱلْحُسْنَىٰ عَلَىٰ بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ بِمَا صَبَرُوا۟ ۖ وَدَمَّرْنَا مَا كَانَ يَصْنَعُ فِرْعَوْنُ وَقَوْمُهُۥ وَمَا كَانُوا۟

137. At Aming ginawa ang mga tao na mga pinahirapan na (kanilang) manahin ang mga silangang bahagi ng kalupaan at mga kanlurang bahagi niyaon na Aming binasbasan. At ang mabuting salita (pangako at pag-uutos) ng inyong Panginoon ay natupad para sa Angkan ng Israel dahilan sa kanilang matiyagang pagbabata. At ganap Naming winasak ang

(lahat) ng mga ginagawa at itinatatag (na mga gusali) ni Paraon at ng kanyang mga tao.

يَعْرِشُونَ ﴿١٣٧﴾

138. At Aming itinawid ang Angkan ng Israel (na ligtas) sa kabilang panig ng dagat, at sila ay sumapit sa isang pamayanan na may pagdedebosyon (sa ilan) sa kanilang mga imahen (sinasamba na mga diyus-diyosan). Sila (ang Angkan ng Israel) ay nagsabi: "O Moises! Gumawa ka sa amin ng isang diyos na katulad ng kanilang mga diyos." Siya ay nagturing: "Katotohanang kayo ay mga tao na nag-aasal ng kamangmangan (alalaong baga, kayo ay hindi nakatatalos ng Kamahalan at Kadakilaan ni Allah, at kung ano ang ipinag-uutos sa inyo; na ang natatangi rito ay huwag kayong sumamba sa iba pa maliban lamang kay Allah, ang Nag-iisa at Tanging Diyos ng lahat ng mga nilalang).

وَجَٰوَزْنَا بِبَنِيٓ إِسْرَٰٓءِيلَ ٱلْبَحْرَ فَأَتَوْا۟ عَلَىٰ قَوْمٍ يَعْكُفُونَ عَلَىٰٓ أَصْنَامٍ لَّهُمْ ۚ قَالُوا۟ يَٰمُوسَى ٱجْعَل لَّنَآ إِلَٰهًا كَمَا لَهُمْ ءَالِهَةٌ ۚ قَالَ إِنَّكُمْ قَوْمٌ تَجْهَلُونَ ﴿١٣٨﴾

139. "Katotohanan, ang mga taong ito at ang kanilang pinagkakaabalahan (na pagsamba sa mga diyus-diyosan) ay wawasakin. At ang lahat ng kanilang ginagawa ay walang saysay."

إِنَّ هَٰٓؤُلَآءِ مُتَبَّرٌ مَّا هُمْ فِيهِ وَبَٰطِلٌ مَّا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿١٣٩﴾

140. Siya (Moises) ay nagsabi: "Ako baga ay hahanap para sa inyo ng isang diyos maliban pa kay Allah, samantalang Kanyang binigyan kayo ng mataas na katatayuan na higit sa lahat ng mga nilalang (ng inyong panahon)."

قَالَ أَغَيْرَ ٱللَّهِ أَبْغِيكُمْ إِلَٰهًا وَهُوَ فَضَّلَكُمْ عَلَى ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿١٤٠﴾

141. At (gunitain) nang Aming iniligtas kayo mula sa mga tao ni Paraon na nagpapahirap sa inyo ng pinakamatinding kaparusahan, na pumapatay sa inyong mga anak na lalaki at hinahayaang mabuhay ang inyong kababaihan (upang magtrabaho). At dito ay mayroong isang malaking pagsubok mula sa inyong Panginoon.

وَإِذْ أَنجَيْنَٰكُم مِّنْ ءَالِ فِرْعَوْنَ يَسُومُونَكُمْ سُوٓءَ ٱلْعَذَابِ ۖ يُقَتِّلُونَ أَبْنَآءَكُمْ وَيَسْتَحْيُونَ نِسَآءَكُمْ ۚ وَفِى ذَٰلِكُم بَلَآءٌ مِّن رَّبِّكُمْ عَظِيمٌ ﴿١٤١﴾

142. At Aming itinalaga kay Moises ang tatlumpung gabi at pinaghusay ang mga ito (sa pagdaragdag pa) ng sampu, kaya't ang taning (na itinalaga) ng kanyang Panginoon ay nahusto bilang apatnapung gabi. At si Moises ay nagsabi sa kanyang kapatid na si Aaron: "Ikaw ang humalili sa akin sa lipon ng aking mga tao, gumawa ka sa tamang landas (na mag-utos sa kanila na sundin si Allah at sambahin lamang

۞ وَوَٰعَدْنَا مُوسَىٰ ثَلَٰثِينَ لَيْلَةً وَأَتْمَمْنَٰهَا بِعَشْرٍ فَتَمَّ مِيقَٰتُ رَبِّهِۦٓ أَرْبَعِينَ لَيْلَةً ۚ وَقَالَ مُوسَىٰ لِأَخِيهِ هَٰرُونَ ٱخْلُفْنِى فِى قَوْمِى وَأَصْلِحْ وَلَا تَتَّبِعْ سَبِيلَ ٱلْمُفْسِدِينَ ﴿١٤٢﴾

Siya) at huwag mong sundin ang landas ng *Mufsidun* (mga mapaggawa ng kabuktutan, tampalasan, makasalanan)."

وَلَمَّا جَآءَ مُوسَىٰ لِمِيقَٰتِنَا وَكَلَّمَهُۥ رَبُّهُۥ قَالَ رَبِّ أَرِنِيٓ أَنظُرۡ إِلَيۡكَۚ قَالَ لَن تَرَىٰنِي وَلَٰكِنِ ٱنظُرۡ إِلَى ٱلۡجَبَلِ فَإِنِ ٱسۡتَقَرَّ مَكَانَهُۥ فَسَوۡفَ تَرَىٰنِيۖ فَلَمَّا تَجَلَّىٰ رَبُّهُۥ لِلۡجَبَلِ جَعَلَهُۥ دَكّٗا وَخَرَّ مُوسَىٰ صَعِقٗاۚ فَلَمَّآ أَفَاقَ قَالَ سُبۡحَٰنَكَ تُبۡتُ إِلَيۡكَ وَأَنَا۠ أَوَّلُ ٱلۡمُؤۡمِنِينَ ١٤٣

143. At nang si Moises ay dumating sa oras at lugar na Aming itinalaga, at ang kanyang Panginoon ay nangusap sa kanya, siya ay nagsabi: "O aking Panginoon! Ipakita Ninyo sa akin (ang Inyong Sarili) upang ako ay makamalas sa Inyo." Si Allah ay nagwika: "Ako ay hindi mo mamamasdan, datapuwa't tumingin ka sa bundok, kung ito ay patuloy na nakatindig sa kanyang lugar, Ako ay iyong mamamasdan." Kaya't nang ang kanyang Panginoon ay magpamalas ng Kanyang Kaluwalhatian sa bundok[24] , ito ay gumuho (na naging) pinong alikabok, at si Moises ay napahindusay na walang malay sa pagkasindak. Nang siya ay pagbalikan ng ulirat, siya ay nagsabi: "Ang Kaluwalhatian ay Sumainyo, ako ay nagbabalik-loob sa Inyo sa pagsisisi at ako ang una sa mga sumasampalataya."

قَالَ يَٰمُوسَىٰٓ إِنِّي ٱصۡطَفَيۡتُكَ عَلَى ٱلنَّاسِ بِرِسَٰلَٰتِي وَبِكَلَٰمِي فَخُذۡ مَآ ءَاتَيۡتُكَ وَكُن مِّنَ ٱلشَّٰكِرِينَ ١٤٤

144. (Si Allah) ay nagwika: "O Moises, ikaw ay Aking hinirang nang higit sa lahat ng mga tao sa pamamagitan ng Aking mga Mensahe at ng Aking pakikipag-usap (sa iyo). Kaya't pananganan mo ang Aking ipinagkaloob sa iyo at maging isa sa mga may pagtingin ng pasasalamat (sa Akin)."

وَكَتَبۡنَا لَهُۥ فِي ٱلۡأَلۡوَاحِ مِن كُلِّ شَيۡءٖ مَّوۡعِظَةٗ وَتَفۡصِيلٗا لِّكُلِّ شَيۡءٖ فَخُذۡهَا بِقُوَّةٖ وَأۡمُرۡ قَوۡمَكَ يَأۡخُذُواْ بِأَحۡسَنِهَاۚ سَأُوْرِيكُمۡ دَارَ ٱلۡفَٰسِقِينَ ١٤٥

145. At isinulat Namin para sa kanya sa mga Tableta (Kalatas) ang lahat ng bagay (na kinakailangan ng Angkan ng Israel bilang) mga aral (tagubilin) at kapaliwanagan (ng mga alituntunin) sa lahat ng bagay (at Kami ay nagwika]): "Manangan ka rito ng may katatagan at pag-utusan mo ang iyong pamayanan na kunin ang mababuti rito. Aking ipamamalas sa inyo ang tahanan ng *Al-Fasiqun*[25] (mga

---

[24] Ang pagpapakita ni Allah sa bundok ay napakaliit lamang (na bahagi) ng Kanyang Sarili. Ito ay humigit-kumulang sa dulo lamang ng isang daliri ayon sa pagpapaliwanag ni Propeta Muhammad nang kanyang dalitin ang talatang ito. (Ang *Hadith* na ito ay sinipi ni At-Tirmidhi)

[25] Ito ay isang matinding babala mula kay Allah laban sa paghihimagsik.

mapaghimagsik at palasuway kay Allah).

سَأَصْرِفُ عَنْ ءَايَٰتِيَ ٱلَّذِينَ يَتَكَبَّرُونَ فِي ٱلْأَرْضِ بِغَيْرِ ٱلْحَقِّ وَإِن يَرَوْا۟ كُلَّ ءَايَةٍ لَّا يُؤْمِنُوا۟ بِهَا وَإِن يَرَوْا۟ سَبِيلَ ٱلرُّشْدِ لَا يَتَّخِذُوهُ سَبِيلًا وَإِن يَرَوْا۟ سَبِيلَ ٱلْغَيِّ يَتَّخِذُوهُ سَبِيلًا ۚ ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا وَكَانُوا۟ عَنْهَا غَٰفِلِينَ ﴿١٤٦﴾

146. Aking (Allah) ilalayo ang Aking *Ayat* (mga talata ng Qur'an at mga katibayan) sa mga tao na nagmamalabis sa kawalang-katarungan sa kalupaan (kaya't sila ay hindi na makakaunawa rito), at kahit na makita nilang lahat ang *Ayat* (mga kapahayagan, aral, tanda, katibayan, atbp.), sila ay hindi mananampalataya rito. At kahit na makita nila ang daan ng kabutihan (paniniwala sa Nag-iisang Diyos, kabanalan at mababuting gawa), hindi nila ito susundin bilang isang landas, datapuwa't kung kanilang makita ang landas ng kamalian (pagsamba sa diyus-diyosan, krimen at masasamang gawa), kanilang susundin ang gayong landas, ito'y sa dahilang itinakwil nila ang Aming *Ayat* (mga kapahayagan, katibayan, aral, tanda, atbp.) at hindi na nakikinig (na matuto ng aral) na manggagaling dito.

وَٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا وَلِقَآءِ ٱلْـَٔاخِرَةِ حَبِطَتْ أَعْمَٰلُهُمْ ۚ هَلْ يُجْزَوْنَ إِلَّا مَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿١٤٧﴾

147. Sila na hindi naniniwala sa Aming *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) at sa Pakikipagtipan (kay Allah) sa Kabilang Buhay (Araw ng Muling Pagkabuhay), walang saysay ang kanilang mga gawa. Sila baga'y babayaran (umaasam na gagantimpalaan) maliban sa kung ano ang kanilang ginawa?

وَٱتَّخَذَ قَوْمُ مُوسَىٰ مِنۢ بَعْدِهِۦ مِنْ حُلِيِّهِمْ عِجْلًا جَسَدًا لَّهُۥ خُوَارٌ ۚ أَلَمْ يَرَوْا۟ أَنَّهُۥ لَا يُكَلِّمُهُمْ وَلَا يَهْدِيهِمْ سَبِيلًا ٱتَّخَذُوهُ وَكَانُوا۟ ظَٰلِمِينَ ﴿١٤٨﴾

148. At pagkaraang umalis si Moises, ang kanyang pamayanan ay gumawa mula sa kanilang mga palamuti (alahas) ng isang imahen ng baka (upang sambahin) na mayroong tunog (na wari bang umuunga). Hindi ba nila napagmamalas na ito ay hindi makakapagsalita sa kanila at hindi rin makakapamatnubay sa kanila sa (tuwid) na landas? Tinangkilik nila ito bilang sinasamba at sila ay *Zalimun* (mga mapaggawa ng kamalian, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, tampalasan, buhong).

وَلَمَّا سُقِطَ فِىٓ أَيْدِيهِمْ وَرَأَوْا۟ أَنَّهُمْ قَدْ ضَلُّوا۟ قَالُوا۟ لَئِن لَّمْ يَرْحَمْنَا رَبُّنَا وَيَغْفِرْ لَنَا لَنَكُونَنَّ مِنَ ٱلْخَٰسِرِينَ ﴿١٤٩﴾

149. At nang sila ay nagsisi sa kamalian (pagkatapos na bumalik si Moises), at kanilang namasdan na sila ay napaligaw nang malayo, sila (ay nagtika at) nagsabi: "Kung ang aming Panginoon ay walang habag sa amin at kami ay

hindi (Niya) patatawarin, katiyakang kami ay magiging mga talunan."

وَلَمَّا رَجَعَ مُوسَىٰٓ إِلَىٰ قَوْمِهِۦ غَضْبَٰنَ أَسِفًا قَالَ بِئْسَمَا خَلَفْتُمُونِى مِنۢ بَعْدِىٓ ۖ أَعَجِلْتُمْ أَمْرَ رَبِّكُمْ ۖ وَأَلْقَى ٱلْأَلْوَاحَ وَأَخَذَ بِرَأْسِ أَخِيهِ يَجُرُّهُۥٓ إِلَيْهِ ۚ قَالَ ٱبْنَ أُمَّ إِنَّ ٱلْقَوْمَ ٱسْتَضْعَفُونِى وَكَادُوا۟ يَقْتُلُونَنِى فَلَا تُشْمِتْ بِىَ ٱلْأَعْدَآءَ وَلَا تَجْعَلْنِى مَعَ ٱلْقَوْمِ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿١٥٠﴾

150. At nang si Moises ay magbalik sa kanyang pamayanan na may galit at nagdadalamhati, siya ay nagsabi: "Isang masamang bagay ang inyong ginawa (alalaong baga, ang pagsamba sa imaheng baka) habang ako ay wala. Kayo baga'y nagmadali (at hindi nakapaghintay) sa kautusan ng inyong Panginoon (alalaong baga, ang Kanyang pag-uutos na sila ay maghintay kay Moises)? At kanyang ipinukol ang mga Tableta (Kalatas) at kanyang sinakmal ang kanyang kapatid (sa buhok) ng kanyang ulo at kanyang kinaladkad siya patungo sa kanya. Si Aaron ay nagsabi: "O anak ng aking ina! Katotohanan, ang mga tao ay nagpahirap sa akin at malapit na nila akong patayin, kaya't huwag mong hayaan ang mga kaaway ay mangagalak sa akin, gayundin, ako ay huwag mong isama sa lipon ng mga tao na *Zalimun* (mga buktot at tampalasan, makasalanan)."

قَالَ رَبِّ ٱغْفِرْ لِى وَلِأَخِى وَأَدْخِلْنَا فِى رَحْمَتِكَ ۖ وَأَنتَ أَرْحَمُ ٱلرَّٰحِمِينَ ﴿١٥١﴾

151. Si Moises ay nagsabi: "O aking Panginoon! Inyong patawarin ako at ang aking kapatid, at kami ay hayaan Ninyong makapasok sa Inyong Habag, sapagkat Kayo ang Pinakamaawain sa mga nagpapamalas ng habag."

إِنَّ ٱلَّذِينَ ٱتَّخَذُوا۟ ٱلْعِجْلَ سَيَنَالُهُمْ غَضَبٌ مِّن رَّبِّهِمْ وَذِلَّةٌ فِى ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا ۚ وَكَذَٰلِكَ نَجْزِى ٱلْمُفْتَرِينَ ﴿١٥٢﴾

152. Katiyakan, sila na tumangkilik sa baka (upang sambahin), ang poot ng kanilang Panginoon at pagkaaba ang sasapit sa kanila sa buhay sa mundong ito. Sa ganito Namin ginagantihan ang gumagawa ng mga kabulaanan.

وَٱلَّذِينَ عَمِلُوا۟ ٱلسَّيِّـَٔاتِ ثُمَّ تَابُوا۟ مِنۢ بَعْدِهَا وَءَامَنُوٓا۟ إِنَّ رَبَّكَ مِنۢ بَعْدِهَا لَغَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١٥٣﴾

153. At sila na nagsigawa ng masasamang gawa at pagkatapos ay nagtika at sumampalataya, katiyakang ang iyong Panginoon (magkagayunman) ay katotohanang Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَلَمَّا سَكَتَ عَن مُّوسَى ٱلْغَضَبُ أَخَذَ ٱلْأَلْوَاحَ ۖ وَفِى نُسْخَتِهَا هُدًى وَرَحْمَةٌ لِّلَّذِينَ هُمْ لِرَبِّهِمْ يَرْهَبُونَ ﴿١٥٤﴾

154. At nang ang poot ni Moises ay humupa na, kanyang kinuha ang mga Tableta (Kalatas), ang mga nasusulat (dito) ay patnubay at habag sa mga may pangangamba sa kanilang Panginoon.

وَٱخْتَارَ مُوسَىٰ قَوْمَهُۥ سَبْعِينَ رَجُلًا لِّمِيقَٰتِنَا ۖ فَلَمَّآ أَخَذَتْهُمُ ٱلرَّجْفَةُ قَالَ رَبِّ لَوْ شِئْتَ أَهْلَكْتَهُم مِّن قَبْلُ وَإِيَّىَّ ۖ أَتُهْلِكُنَا بِمَا فَعَلَ ٱلسُّفَهَآءُ مِنَّآ ۖ إِنْ هِىَ إِلَّا فِتْنَتُكَ تُضِلُّ بِهَا مَن تَشَآءُ وَتَهْدِى مَن تَشَآءُ ۖ أَنتَ وَلِيُّنَا فَٱغْفِرْ لَنَا وَٱرْحَمْنَا ۖ وَأَنتَ خَيْرُ ٱلْغَٰفِرِينَ ﴿١٥٥﴾

155. At si Moises ay humirang sa kanyang pamayanan ng pitumpung (pinakamahuhusay) na lalaki tungo sa Aming natatakdaang oras at lugar ng pakikipagtipan. (Sila ay nagsabi: O Moises, hindi kami kailanman maniniwala sa iyo hangga't hindi mo ipinapakita sa amin ang iyong Panginoon), at nang sila ay sakmalin ng isang matinding lindol, siya (Moises) ay nagsabi: "O aking Panginoon, kung ito ay Inyo lamang ninais, sila at ako ay maaari Ninyong wasakin kahit na noon pa, kami ba ay wawasakin Ninyo dahilan sa mga gawa ng mga buktot sa lipon namin? Tanging sa pamamagitan lamang ng Inyong pagsubok Kayo ay namamatnubay sa sinumang Inyong maibigan, at nagliligaw sa sinumang Inyong naisin. Kayo ang aming *Wali* (Tagapangalaga), kaya't Inyong patawarin kami at bigyan ng Habag sapagkat Kayo ang Pinakamainam sa mga nagpapatawad.

وَٱكْتُبْ لَنَا فِى هَٰذِهِ ٱلدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِى ٱلْءَاخِرَةِ إِنَّا هُدْنَآ إِلَيْكَ ۚ قَالَ عَذَابِىٓ أُصِيبُ بِهِۦ مَنْ أَشَآءُ ۖ وَرَحْمَتِى وَسِعَتْ كُلَّ شَىْءٍ ۚ فَسَأَكْتُبُهَا لِلَّذِينَ يَتَّقُونَ وَيُؤْتُونَ ٱلزَّكَوٰةَ وَٱلَّذِينَ هُم بِـَٔايَٰتِنَا يُؤْمِنُونَ ﴿١٥٦﴾

156. At ipagkaloob Ninyo sa amin ang mabuti sa mundong ito at sa Kabilang Buhay. Katiyakang kami ay nagbabalik-loob sa Inyo." Siya (Allah) ay nagwika: "Ang Aking kaparusahan, - binibigyang-sakit Ko nito ang sinumang Aking maibigan, datapuwa't ang Aking Habag ay nakasasakop sa lahat ng bagay. Kaya't Aking itatalaga ang (Habag) na ito sa *Muttaqun* (mga matimtiman at matutuwid na mananampalataya kay Allah), at nagbibigay ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa); at sa kanila na nananalig sa Aming *Ayat* (mga katibayan, aral, tanda, kapahayagan, atbp.).

ٱلَّذِينَ يَتَّبِعُونَ ٱلرَّسُولَ ٱلنَّبِىَّ ٱلْأُمِّىَّ ٱلَّذِى يَجِدُونَهُۥ مَكْتُوبًا عِندَهُمْ فِى ٱلتَّوْرَىٰةِ وَٱلْإِنجِيلِ ۖ يَأْمُرُهُم بِٱلْمَعْرُوفِ وَيَنْهَىٰهُمْ عَنِ ٱلْمُنكَرِ وَيُحِلُّ لَهُمُ ٱلطَّيِّبَٰتِ وَيُحَرِّمُ عَلَيْهِمُ ٱلْخَبَٰٓئِثَ وَيَضَعُ عَنْهُمْ إِصْرَهُمْ وَٱلْأَغْلَٰلَ ٱلَّتِى كَانَتْ عَلَيْهِمْ ۚ فَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ بِهِۦ

157. Sila na sumusunod sa Sugo (Muhammad), ang Propeta na hindi nakakabasa at hindi nakakasulat na kanilang matatagpuan na nasusulat sa *Torah* (mga Batas) at sa Ebanghelyo, - siya ay nagtatagubilin sa kanila ng *Al-Ma'ruf* (ang pagsampalataya sa Kaisahan ni Allah at pagsunod sa lahat ng Kanyang ipinag-uutos) at nagbabawal sa kanila ng *Al-Munkar* (kawalan ng paniniwala, pagsamba sa diyus-diyosan at paggawa ng lahat ng masasama na ipinagbabawal sa Islam); kanyang

وَعَزَّرُوهُ وَنَصَرُوهُ وَٱتَّبَعُوا۟ ٱلنُّورَ ٱلَّذِىٓ أُنزِلَ مَعَهُۥٓ ۙ أُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْمُفْلِحُونَ ﴿١٥٧﴾

pinahihintulutan sila sa *At-Tayyibat* ([lahat ng mabuti at pinapayagan], tungkol sa mga bagay-bagay, mga gawa, mga paniniwala, mga tao, mga pagkain), at nagbabawal sa kanila sa *Al-Khabaith* (ang lahat ng kasamaan at hindi pinahihintulutan tungkol sa mga bagay-bagay, mga gawa, mga paniniwala, mga tao, mga pagkain), kanyang niluluwagan sila sa kanilang (mabibigat) na pasanin (sa pang-araw-araw na pagsasagawa ng pananampalataya), at sa mga tanikala (ng pananagutan) na nakaatang sa kanila (alalaong baga, ang mabigat na kautusan tungkol sa pagsisisi, kaparusahan o ganti, atbp.). Kaya't sila na nanalig sa kanya (Muhammad) at sumunod sa Liwanag (ang Qur'an) na ipinanaog sa kanya, - sila yaong magsisipagtagumpay.

قُلْ يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ إِنِّى رَسُولُ ٱللَّهِ إِلَيْكُمْ جَمِيعًا ٱلَّذِى لَهُۥ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ يُحْىِۦ وَيُمِيتُ ۖ فَـَٔامِنُوا۟ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِ ٱلنَّبِىِّ ٱلْأُمِّىِّ ٱلَّذِى يُؤْمِنُ بِٱللَّهِ وَكَلِمَٰتِهِۦ وَٱتَّبِعُوهُ لَعَلَّكُمْ تَهْتَدُونَ ﴿١٥٨﴾

158. Ipagbadya (O Muhammad): "O sangkatauhan! Katotohanang ako ay isinugo sa inyong lahat, - Siya ang nag-aangkin ng kapamahalaan ng mga kalangitan at ng kalupaan. Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya; Siya ang naggagawad ng buhay at nagpapapangyari ng kamatayan. Kaya't kayo ay manampalataya kay Allah at sa Kanyang Sugo (Muhammad), ang Propeta na hindi nakakabasa at hindi nakakasulat, na sumasampalataya kay Allah at (naniniwala) sa Kanyang mga Salita (sa Qur'an, sa *Torah* [mga Batas] at sa Ebanghelyo at gayundin sa Salita ni Allah na: 'Mangyari nga!' At nangyari nga, alalaong baga, si Hesus na anak ni Maria), at siya ay inyong sundin upang kayo ay mapatnubayan."

وَمِن قَوْمِ مُوسَىٰٓ أُمَّةٌ يَهْدُونَ بِٱلْحَقِّ وَبِهِۦ يَعْدِلُونَ ﴿١٥٩﴾

159. At sa lipon ng mga tao ni Moises ay mayroong isang pamayanan na namamatnubay (sa mga tao) sa pamamagitan ng katotohanan at nagtatatag sa pamamagitan nito ng katarungan (alalaong baga, humahatol sa mga tao sa katotohanan at katarungan).

وَقَطَّعْنَٰهُمُ ٱثْنَتَىْ عَشْرَةَ أَسْبَاطًا أُمَمًا ۚ وَأَوْحَيْنَآ إِلَىٰ مُوسَىٰٓ إِذِ ٱسْتَسْقَىٰهُ

160. At Aming pinagbaha-bahagi sila sa labingdalawang tribu (ang mga anak na lalaki ni Hakob [*al-Asbat*]). At Aming pinag-utusan si Moises na may inspirasyon, nang ang kanyang

pamayanan ay humingi sa kanya ng tubig, (at Kami ay nagwika): "Paluin mo ang bato ng iyong tungkod." At pumulandit mula rito ang labindalawang batis: ang bawat pangkat ay nakakaalam ng kanilang lugar ng tubig. Aming (Allah) nilimliman sila ng mga ulap at Aming ipinanaog sa kanila ang *Manna* (isang bagay o pagkain na kasingtamis ng pulut-pukyutan) at mga pugo, (na nagsasabi): "Kumain kayo ng mababuting bagay na Aming ipinagkaloob sa inyo." At sila ay hindi makapagbibigay-pinsala sa Amin, datapuwa't pinipinsala nila ang kanilang sarili.

وَإِذِ ٱسْتَسْقَىٰ مُوسَىٰ لِقَوْمِهِۦ فَقُلْنَا ٱضْرِب بِّعَصَاكَ ٱلْحَجَرَ ۖ فَٱنۢبَجَسَتْ مِنْهُ ٱثْنَتَا عَشْرَةَ عَيْنًا ۖ قَدْ عَلِمَ كُلُّ أُنَاسٍ مَّشْرَبَهُمْ ۚ وَظَلَّلْنَا عَلَيْهِمُ ٱلْغَمَٰمَ وَأَنزَلْنَا عَلَيْهِمُ ٱلْمَنَّ وَٱلسَّلْوَىٰ ۖ كُلُوا۟ مِن طَيِّبَٰتِ مَا رَزَقْنَٰكُمْ ۚ وَمَا ظَلَمُونَا وَلَٰكِن كَانُوٓا۟ أَنفُسَهُمْ يَظْلِمُونَ ﴿١٦٠﴾

161. At (gunitain) nang ito ay sabihin sa kanila: "Magsipanirahan kayo sa bayang ito (Herusalem) at kumain kayo rito ng anumang inyong maibigan, at magsabi, "(O Allah), patawarin Ninyo ang aming mga kasalanan"; at magsipasok sa tarangkahan na nagpapatirapa (na nakayukod sa kapakumbabaan). Ipatatawad Namin sa inyo ang inyong mga kamalian. Aming pararamihin (ang pabuya) sa mga gumagawa ng kabutihan.

وَإِذْ قِيلَ لَهُمُ ٱسْكُنُوا۟ هَٰذِهِ ٱلْقَرْيَةَ وَكُلُوا۟ مِنْهَا حَيْثُ شِئْتُمْ وَقُولُوا۟ حِطَّةٌ وَٱدْخُلُوا۟ ٱلْبَابَ سُجَّدًا نَّغْفِرْ لَكُمْ خَطِيٓـَٰٔتِكُمْ ۚ سَنَزِيدُ ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿١٦١﴾

162. Datapuwa't sila na nasa kanilang lipon na gumawa ng kamalian ay nagpalit (bumago) sa salita na ipinangusap sa kanila (alalaong baga, sila ay inutusan na sabihin ang: *Hittatun* [Patawarin Ninyo kami], ngunit kanilang pinalitan ng ibang salita bilang: *Hintatun* [na ang ibig sabihin ay isang uri ng butong patani]). Kaya't Aming ipinadala sa kanila ang *Rijz* (parusa o salot) mula sa langit bilang ganti sa kanilang mga maling gawa.

فَبَدَّلَ ٱلَّذِينَ ظَلَمُوا۟ مِنْهُمْ قَوْلًا غَيْرَ ٱلَّذِى قِيلَ لَهُمْ فَأَرْسَلْنَا عَلَيْهِمْ رِجْزًا مِّنَ ٱلسَّمَآءِ بِمَا كَانُوا۟ يَظْلِمُونَ ﴿١٦٢﴾

163. At iyong tanungin sila (O Muhammad) tungkol sa bayan na nasa gilid ng dagat. Nang sila ay lumabag sa kautusan (na huwag manghuli ng isda sa araw) ng *Sabt* (Sabado): nang ang isda ay lantarang lumapit sa kanila sa araw ng *Sabt* at hindi pumaroon sa kanila sa araw na wala silang *Sabt*. Kaya't sila ay Aming sinubukan dahilan sa kanilang ginagawang paghihimagsik (tunghayan ang Qur'an 4:154).

وَسْـَٔلْهُمْ عَنِ ٱلْقَرْيَةِ ٱلَّتِى كَانَتْ حَاضِرَةَ ٱلْبَحْرِ ۘ إِذْ يَعْدُونَ فِى ٱلسَّبْتِ إِذْ تَأْتِيهِمْ حِيتَانُهُمْ يَوْمَ سَبْتِهِمْ شُرَّعًا وَيَوْمَ لَا يَسْبِتُونَ ۙ لَا تَأْتِيهِمْ ۚ كَذَٰلِكَ نَبْلُوهُم بِمَا كَانُوا۟ يَفْسُقُونَ ﴿١٦٣﴾

وَإِذْ قَالَتْ أُمَّةٌ مِّنْهُمْ لِمَ تَعِظُونَ قَوْمًا ۙ اللَّهُ مُهْلِكُهُمْ أَوْ مُعَذِّبُهُمْ عَذَابًا شَدِيدًا ۖ قَالُوا مَعْذِرَةً إِلَىٰ رَبِّكُمْ وَلَعَلَّهُمْ يَتَّقُونَ ﴿١٦٤﴾

164. At (alalahanin) nang ang ilang tao sa kanilang lipon ay nagsabi sa iba pa sa kanila (na nangisda at nakahuli sa araw ng Sabado): "Bakit kayo nangangaral sa mga tao na napipintong wasakin ni Allah (dito sa mundo) o parusahan sila ng matinding kaparusahan (sa Kabilang Buhay)?" (Ang mga nangangaral) ay nagsabi: "Upang kami ay maging malaya sa kasalanan (o pag-uusig ng budhi) sa harapan ng inyong Panginoon (alalaong baga, nararapat naming tuparin ang aming obligasyon sa harapan ni Allah na manghikayat sa mabuti at magbawal sa masama), at sila ay magkaroon nawa ng pangangamba kay Allah."

فَلَمَّا نَسُوا مَا ذُكِّرُوا بِهِ أَنجَيْنَا الَّذِينَ يَنْهَوْنَ عَنِ السُّوءِ وَأَخَذْنَا الَّذِينَ ظَلَمُوا بِعَذَابٍ بَئِيسٍ بِمَا كَانُوا يَفْسُقُونَ ﴿١٦٥﴾

165. At nang kanilang malimutan (ang paala-ala) kung saan sila ay pinaalalahanan, Aming iniligtas sila na nagbabawal sa kasamaan, at Aming nilagom ang mga gumawa ng kamalian ng isang matinding kaparusahan sapagkat sila ay naghimagsik (sumuway kay Allah).

فَلَمَّا عَتَوْا عَن مَّا نُهُوا عَنْهُ قُلْنَا لَهُمْ كُونُوا قِرَدَةً خَاسِئِينَ ﴿١٦٦﴾

166. Kaya't nang sila ay mawalan ng pakundangan sa mga bagay na sila ay pinagbawalan, Kami ay nagwika sa kanila: "Maging unggoy kayo na kinasusuklaman at itinatakwil."[26]

وَإِذْ تَأَذَّنَ رَبُّكَ لَيَبْعَثَنَّ عَلَيْهِمْ إِلَىٰ يَوْمِ الْقِيَامَةِ مَن يَسُومُهُمْ سُوءَ الْعَذَابِ ۗ إِنَّ رَبَّكَ لَسَرِيعُ الْعِقَابِ ۖ وَإِنَّهُ لَغَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١٦٧﴾

167. At (alalahanin) nang ang iyong Panginoon ay magpahayag na katiyakang (magpapatuloy) Siya sa pagpaparating (ng sumpa o kaparusahan) laban sa kanila (ang mga Hudyo) hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay, para sa kanila na nagbibigay-pasakit sa kanila (sa mga sumasampalataya) ng matinding pagpaparusa. Katotohanan, ang inyong Panginoon ay Maagap sa Pagpaparusa (sa mga palasuway, buhong) at katiyakang Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain (sa mga masunurin at naninikluhod sa kapatawaran ni Allah).

---

[26] Ito ay isang mabigat na babala sa sangkatauhan na sila ay hindi marapat na sumuway sa bagay na ipinag-uutos sa kanila ni Allah, at maging malayo sa bagay na Kanyang ipinagbabawal.

وَقَطَّعْنَٰهُمُ فِى ٱلْأَرْضِ أُمَمًا ۖ مِّنْهُمُ ٱلصَّٰلِحُونَ وَمِنْهُمْ دُونَ ذَٰلِكَ ۖ وَبَلَوْنَٰهُم بِٱلْحَسَنَٰتِ وَٱلسَّيِّـَٔاتِ لَعَلَّهُمْ يَرْجِعُونَ ﴿١٦٨﴾

168. At Aming pinagbaha-bahagi sila (ang mga Hudyo) sa maraming pangkatin dito sa kalupaan, ang ilan sa kanila ay matutuwid at ang iba ay malayo (sa katuwiran). At Aming sinubukan sila ng mabubuting (biyaya at kaginhawahan) at kasamaan (kagipitan at mga kapinsalaan) upang sila ay magbalik-loob (sa pagsunod kay Allah).

فَخَلَفَ مِنۢ بَعْدِهِمْ خَلْفٌ وَرِثُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ يَأْخُذُونَ عَرَضَ هَٰذَا ٱلْأَدْنَىٰ وَيَقُولُونَ سَيُغْفَرُ لَنَا وَإِن يَأْتِهِمْ عَرَضٌ مِّثْلُهُۥ يَأْخُذُوهُ ۚ أَلَمْ يُؤْخَذْ عَلَيْهِم مِّيثَٰقُ ٱلْكِتَٰبِ أَن لَّا يَقُولُوا۟ عَلَى ٱللَّهِ إِلَّا ٱلْحَقَّ وَدَرَسُوا۟ مَا فِيهِ ۗ وَٱلدَّارُ ٱلْءَاخِرَةُ خَيْرٌ لِّلَّذِينَ يَتَّقُونَ ۗ أَفَلَا تَعْقِلُونَ ﴿١٦٩﴾

169. At (pagkaraan nila) ay sumunod ang isang saling-lahi na nakamana sa Aklat, (habang) sila ay nagtatamasa ng mga paninda (alalaong baga, mga di-legal na pakinabang at kasiyahan) ng mababang buhay (ang karangyaang ligaya ng mundong ito) na nagsasabi (bilang pagdadahilan): "(Ang lahat ng bagay) ay ipatatawad sa atin." At kung ang katulad na alok (ng karangyaang ligaya ng mundong ito) ay dumatal sa kanila, muli silang mananamantala na gawin ito (gagawin nila ang mga kasalanang yaon). Hindi baga ang Kasunduan ng Aklat (ang *Torah*) ay kinuha sa kanila, na hindi na sila magsasalita ng anuman tungkol kay Allah maliban sa katotohanan? At sila ay nag-aral kung ano ang nasa loob nito. At ang Tahanan ng Kabilang Buhay ay higit na mainam sa mga nangangamba kay Allah (alalaong baga, ang *Al-Muttaqun* [mga matimtiman at matutuwid na mananampalataya kay Allah]). Hindi baga kayo nakakaunawa?

وَٱلَّذِينَ يُمَسِّكُونَ بِٱلْكِتَٰبِ وَأَقَامُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ ۚ إِنَّا لَا نُضِيعُ أَجْرَ ٱلْمُصْلِحِينَ ﴿١٧٠﴾

170. At sa kanila na nananangan nang matimtiman (at may katatagan) sa Aklat (alalaong baga, gumagawa ng ayon sa mga turo nito), at nag-aalay ng *Salah* (takdang pagdarasal) nang mahinusay, katiyakang hindi Namin kailanman sasayangin ang gantimpala ng mga gumagawa ng kabutihan.

۞ وَإِذْ نَتَقْنَا ٱلْجَبَلَ فَوْقَهُمْ كَأَنَّهُۥ ظُلَّةٌ وَظَنُّوٓا۟ أَنَّهُۥ وَاقِعٌۢ بِهِمْ خُذُوا۟ مَآ ءَاتَيْنَٰكُم بِقُوَّةٍ وَٱذْكُرُوا۟ مَا فِيهِ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ ﴿١٧١﴾

171. At (gunitain) nang Aming itinaas ang bundok sa ibabaw nila, na wari bang ito ay isang maitim na ulap, at sila ay nag-akala na ito ay babagsak sa kanila. (At si Allah ay nagwika): "Manangan kayo nang matatag sa bagay na Aming ipinagkaloob sa inyo (alalaong baga ang *Torah* [mga Batas]), at alalahanin kung ano ang

naririto (gumawa ng ayon sa pag-uutos nito), upang kayo ay magkaroon ng pangamba kay Allah (at kayo ay sumunod sa Kanya)."

وَإِذْ أَخَذَ رَبُّكَ مِنۢ بَنِىٓ ءَادَمَ مِن ظُهُورِهِمْ ذُرِّيَّتَهُمْ وَأَشْهَدَهُمْ عَلَىٰٓ أَنفُسِهِمْ أَلَسْتُ بِرَبِّكُمْ ۖ قَالُوا۟ بَلَىٰ ۛ شَهِدْنَآ ۛ أَن تَقُولُوا۟ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ إِنَّا كُنَّا عَنْ هَٰذَا غَٰفِلِينَ ﴿١٧٢﴾

172. At (gunitain) nang ang iyong Panginoon ay nagpalabas mula sa himaymay ni Adan ng kanyang mga anak at kaanak-anakan, at ginawa sila na sumaksi sa kanilang sarili, (na [si Allah] ay nagsasabi sa kanila): "Hindi baga Ako ang inyong Panginoon?" Sila ay nagsabi: "Oo! Kami ay sumasaksi," (marahil) baka kayo ay magsabi sa Araw ng Muling Pagkabuhay: "Katotohanang kami ay hindi nakakaalam nito."

أَوْ تَقُولُوٓا۟ إِنَّمَآ أَشْرَكَ ءَابَآؤُنَا مِن قَبْلُ وَكُنَّا ذُرِّيَّةً مِّنۢ بَعْدِهِمْ ۖ أَفَتُهْلِكُنَا بِمَا فَعَلَ ٱلْمُبْطِلُونَ ﴿١٧٣﴾

173. O baka inyong sabihin: "Yaong lamang aming mga ninuno (noong panahong sinauna) ang tumangkilik sa iba pa bilang mga katambal (sa pagsamba) kay Allah, at kami (lamang) ay kanilang mga saling-lahi pagkaraan nila; Inyo bagang wawasakin kami dahilan sa mga gawa ng mga tao na nagsagawa ng *Al-Batil* (alalaong baga, ang pagsamba sa diyus-diyosan, paggawa ng krimen at kasalanan, paninikluhod sa iba pa sa pagsamba maliban pa kay Allah)?"

وَكَذَٰلِكَ نُفَصِّلُ ٱلْءَايَٰتِ وَلَعَلَّهُمْ يَرْجِعُونَ ﴿١٧٤﴾

174. Sa ganito Namin ipinapaliwanag ang *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) sa masusing paraan upang sila ay magbalik (sa Katotohanan).

وَٱتْلُ عَلَيْهِمْ نَبَأَ ٱلَّذِىٓ ءَاتَيْنَٰهُ ءَايَٰتِنَا فَٱنسَلَخَ مِنْهَا فَأَتْبَعَهُ ٱلشَّيْطَٰنُ فَكَانَ مِنَ ٱلْغَاوِينَ ﴿١٧٥﴾

175. At dalitin mo (O Muhammad) sa kanila ang kasaysayan niya (isang tao sa lipon ng mga Hudyo) na Aming ginawaran ng *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.), datapuwa't tinanggal niya ito sa kanyang sarili, kaya't sinundan siya ni Satanas, at siya ay napasama sa mga naligaw ng landas.

وَلَوْ شِئْنَا لَرَفَعْنَٰهُ بِهَا وَلَٰكِنَّهُۥٓ أَخْلَدَ إِلَى ٱلْأَرْضِ وَٱتَّبَعَ هَوَىٰهُ ۚ فَمَثَلُهُۥ كَمَثَلِ ٱلْكَلْبِ ۖ إِن تَحْمِلْ عَلَيْهِ يَلْهَث ۚ أَوْ تَتْرُكْهُ يَلْهَث ۚ ذَّٰلِكَ مَثَلُ ٱلْقَوْمِ ٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا ۚ فَٱقْصُصِ ٱلْقَصَصَ لَعَلَّهُمْ يَتَفَكَّرُونَ ﴿١٧٦﴾

176. At kung Amin lamang ninais, katiyakang Aming itinaas siya (sa antas ng mga may kaalaman [Pantas]), datapuwa't kumapit siya sa kalupaan at sumunod sa kanyang palalong pagnanasa. Kaya't ang kanyang kahalintulad ay katulad ng isang aso; kung siya ay iyong itaboy, kanyang inilalabas ang kanyang dila, o kung siya ay iyong hayaang mag-isa, patuloy (pa rin) niyang inilalawit ang kanyang dila. Ito ang

kahalintulad ng mga tao na nagtatakwil sa Aming *Ayat* (mga kapahayagan, katibayan, aral, tanda, atbp.). Kaya't iyong isalaysay ang kanilang kasaysayan upang sila (na mga tauhan mo, O Muhammad) ay magmumuni-muni.

سَآءَ مَثَلًا ٱلْقَوْمُ ٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَـٰتِنَا وَأَنفُسَهُمْ كَانُوا۟ يَظْلِمُونَ ﴿١٧٧﴾

177. Kasamaan ang kahalintulad ng mga tao na nagtatakwil sa Aming *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.) at nagtataboy sa kanilang sarili sa kamalian.

مَن يَهْدِ ٱللَّهُ فَهُوَ ٱلْمُهْتَدِى ۖ وَمَن يُضْلِلْ فَأُو۟لَـٰٓئِكَ هُمُ ٱلْخَـٰسِرُونَ ﴿١٧٨﴾

178. Sinumang patnubayan ni Allah, siya ay napapatnubayan, at sinuman ang Kanyang dalhin sa pagkaligaw, sila ang mga talunan!

وَلَقَدْ ذَرَأْنَا لِجَهَنَّمَ كَثِيرًا مِّنَ ٱلْجِنِّ وَٱلْإِنسِ ۖ لَهُمْ قُلُوبٌ لَّا يَفْقَهُونَ بِهَا وَلَهُمْ أَعْيُنٌ لَّا يُبْصِرُونَ بِهَا وَلَهُمْ ءَاذَانٌ لَّا يَسْمَعُونَ بِهَآ ۚ أُو۟لَـٰٓئِكَ كَٱلْأَنْعَـٰمِ بَلْ هُمْ أَضَلُّ ۚ أُو۟لَـٰٓئِكَ هُمُ ٱلْغَـٰفِلُونَ ﴿١٧٩﴾

179. At katiyakang Aming nilikha ang marami sa mga *Jinn* at sangkatauhan tungo sa Impiyerno. Sila ay may puso na hindi nakakaunawa, sila ay may mga mata na hindi nakakakita, at sila ay may mga tainga na hindi nakakarinig (ng Katotohanan). Sila ay katulad ng bakahan (hayupan); hindi, higit silang napapaligaw. Sila ang walang iniintindi.

وَلِلَّهِ ٱلْأَسْمَآءُ ٱلْحُسْنَىٰ فَٱدْعُوهُ بِهَا ۖ وَذَرُوا۟ ٱلَّذِينَ يُلْحِدُونَ فِىٓ أَسْمَـٰٓئِهِۦ ۚ سَيُجْزَوْنَ مَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿١٨٠﴾

180. At si Allah ang nag-aangkin (ng lahat) ng Pinakamagagandang Pangalan, kaya't Siya ay panikluhuran ninyo sa mga Pangalang yaon, at iwanan ninyo ang (pangkat) na nagsasagawa ng kalihisan (umuusal ng walang galang na salita) tungkol sa Kanyang mga Pangalan. Sila ay gagantihan ng ayon sa kanilang mga ginagawa.

وَمِمَّنْ خَلَقْنَآ أُمَّةٌ يَهْدُونَ بِٱلْحَقِّ وَبِهِۦ يَعْدِلُونَ ﴿١٨١﴾

181. At sa lipon niyaong Aming nilikha ay isang pamayanan na namamatnubay (sa mga iba) sa pamamagitan ng katotohanan, at mula (rin) dito ay nagtitindig ng katarungan.

وَٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَـٰتِنَا سَنَسْتَدْرِجُهُم مِّنْ حَيْثُ لَا يَعْلَمُونَ ﴿١٨٢﴾

182. Sila na nagtatakwil ng Aming *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.), sila ay unti-unti Naming sasakmalin ng kaparusahan sa paraang hindi nila napag-aakala.

وَأُمْلِى لَهُمْ ۚ إِنَّ كَيْدِى مَتِينٌ ﴿١٨٣﴾

183. At Aking bibigyan sila ng palugit; katiyakang ang Aking balak (kaparusahan) ay matibay.

أَوَلَمْ يَتَفَكَّرُوا۟ ۗ مَا بِصَاحِبِهِم مِّن جِنَّةٍ ۚ إِنْ هُوَ إِلَّا نَذِيرٌ مُّبِينٌ ﴿١٨٤﴾

184. Hindi baga sila nagmumuni-muni? Walang anumang pagkasira ng isip sa kanilang kasama (Muhammad, alalaong baga, siya ay hindi nababaliw). Siya ay isa lamang lantad na

tagapagbabala.

أَوَلَمْ يَنظُرُوا۟ فِى مَلَكُوتِ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَمَا خَلَقَ ٱللَّهُ مِن شَىْءٍ وَأَنْ عَسَىٰٓ أَن يَكُونَ قَدِ ٱقْتَرَبَ أَجَلُهُمْ ۖ فَبِأَىِّ حَدِيثٍۭ بَعْدَهُۥ يُؤْمِنُونَ ﴿١٨٥﴾

185. Hindi baga nila napagmamalas ang pangingibabaw (ng kapangyarihan ni Allah) sa mga kalangitan at kalupaan at lahat ng mga bagay na nilikha ni Allah, at sa kanilang buhay, na maaaring ang katapusan ay malapit na. Kaya't sa ano pang pangungusap (mensahe) pagkaraan nito, sila ay maniniwala?

مَن يُضْلِلِ ٱللَّهُ فَلَا هَادِىَ لَهُۥ ۚ وَيَذَرُهُمْ فِى طُغْيَٰنِهِمْ يَعْمَهُونَ ﴿١٨٦﴾

186. Sinumang dalhin ni Allah sa pagkaligaw, walang sinuman ang makakapamatnubay sa kanya; at Kanyang hinahayaan sila sa kanilang pagmamalabis sa paglabag na lumibut-libot (na parang) mga bulag.

يَسْـَٔلُونَكَ عَنِ ٱلسَّاعَةِ أَيَّانَ مُرْسَىٰهَا ۖ قُلْ إِنَّمَا عِلْمُهَا عِندَ رَبِّى ۖ لَا يُجَلِّيهَا لِوَقْتِهَآ إِلَّا هُوَ ۚ ثَقُلَتْ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ لَا تَأْتِيكُمْ إِلَّا بَغْتَةً ۗ يَسْـَٔلُونَكَ كَأَنَّكَ حَفِىٌّ عَنْهَا ۖ قُلْ إِنَّمَا عِلْمُهَا عِندَ ٱللَّهِ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَ ٱلنَّاسِ لَا يَعْلَمُونَ ﴿١٨٧﴾

187. Sila ay nagtatanong sa iyo (O Muhammad) hinggil sa Oras (Araw ng Muling Pagkabuhay): "Kailan kaya ang kanyang natatakdaang pagdatal?" Ipagbadya: "Ang kaalaman dito ay nasa aking Panginoon (lamang). Walang sinuman ang makapagpapahayag ng kanyang takdang panahon maliban sa Kanya. Ito ay nakalapat nang mabigat sa mga kalangitan at kalupaan. Ito ay hindi daratal sa inyo maliban na ito ay biglang-bigla (walang babala)." Sila ay nagtatanong sa iyo (O Muhammad) na wari bang ikaw ay mayroong ganap na kaalaman dito. Ipagbadya: "Ang kaalaman dito ay (tanging) na kay Allah lamang, datapuwa't ang karamihan sa sangkatauhan ay hindi nakakaalam."

قُل لَّآ أَمْلِكُ لِنَفْسِى نَفْعًا وَلَا ضَرًّا إِلَّا مَا شَآءَ ٱللَّهُ ۚ وَلَوْ كُنتُ أَعْلَمُ ٱلْغَيْبَ لَٱسْتَكْثَرْتُ مِنَ ٱلْخَيْرِ وَمَا مَسَّنِىَ ٱلسُّوٓءُ ۚ إِنْ أَنَا۠ إِلَّا نَذِيرٌ وَبَشِيرٌ لِّقَوْمٍ يُؤْمِنُونَ ﴿١٨٨﴾

188. Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay walang pinanghahawakang kapangyarihan tungo sa kapakinabangan o kapinsalaan sa aking sarili maliban pahintulutan ni Allah. At kung ako lamang ay may kaalaman sa *Al-Ghaib* (mga bagay na nakalingid, o Kabilang Buhay), ginawa ko na sa aking sarili na makapagtabi ng malaking kayamanan, at walang anumang pasakit (kasamaan) ang maaaring sumapit sa akin. Ako ay isa lamang tagapagbabala at isang tagapagdala ng masayang balita sa mga tao na sumasampalataya."

۞ هُوَ ٱلَّذِى خَلَقَكُم مِّن نَّفْسٍ وَٰحِدَةٍ

189. Siya (Allah) ang lumikha sa inyo mula sa

nag-iisang tao (Adan), at Kanyang nilikha mula sa kanya ang kanyang asawa (Eba), upang siya (ang lalaki) ay makadama ng kapanatagan na mamuhay sa piling niya (ang babae). Nang siya ay magkaroon ng pakikipagtalik sa kanya, siya ay nagdalangtao at kanyang dinala ito na hindi naman kabigatan. At nang ito ay maging mabigat, kapwa sila ay nanalangin kay Allah, ang kanilang Panginoon, (na nagsasabi): "Kung Kayo ay magkakaloob sa amin ng isang mabuting bata, katotohanang kami ay mapapabilang sa lipon ng mga tumatanaw ng pasasalamat."

وَجَعَلَ مِنْهَا زَوْجَهَا لِيَسْكُنَ إِلَيْهَا ۖ فَلَمَّا تَغَشَّىٰهَا حَمَلَتْ حَمْلًا خَفِيفًا فَمَرَّتْ بِهِۦ ۖ فَلَمَّآ أَثْقَلَت دَّعَوَا ٱللَّهَ رَبَّهُمَا لَئِنْ ءَاتَيْتَنَا صَٰلِحًا لَّنَكُونَنَّ مِنَ ٱلشَّٰكِرِينَ ﴿١٨٩﴾

190. Datapuwa't nang Kanyang binigyan sila (ang mag-asawa) ng isang mabuting bata, sila ay nag-akibat ng mga katambal sa Kanya (Allah), sa bagay na Kanyang ipinagkaloob sa kanila. Higit na Mataas si Allah (Siya ang Kataas-taasan) sa lahat ng kanilang mga itinataguri bilang katambal sa Kanya.

فَلَمَّآ ءَاتَىٰهُمَا صَٰلِحًا جَعَلَا لَهُۥ شُرَكَآءَ فِيمَآ ءَاتَىٰهُمَا ۚ فَتَعَٰلَى ٱللَّهُ عَمَّا يُشْرِكُونَ ﴿١٩٠﴾

191. Sila baga ay nagbibigay ng mga katambal sa Kanya (Allah), sila na walang anumang nilikha, bagkus, sila (rin na kanilang sarili) ay nilikha?

أَيُشْرِكُونَ مَا لَا يَخْلُقُ شَيْـًٔا وَهُمْ يُخْلَقُونَ ﴿١٩١﴾

192. Walang anumang tulong ang maibibigay nila sa kanila (alalaong baga, ang mga tao na sumasamba sa mga diyus-diyosan), gayundin naman, ay hindi nila matutulungan ang kanilang sarili (alalaong baga, sila na mga diyus-diyosan).

وَلَا يَسْتَطِيعُونَ لَهُمْ نَصْرًا وَلَآ أَنفُسَهُمْ يَنصُرُونَ ﴿١٩٢﴾

193. At kung inyo silang tatawagan tungo sa patnubay, sila ay hindi makakasunod sa inyo. Ito ay walang pagkakaiba sa inyo kahima't sila ay inyong tawagin o manatili kayong tahimik (sila ay hindi makakasunod, sapagkat hindi nakakarinig ang mga diyus-diyosan).

وَإِن تَدْعُوهُمْ إِلَى ٱلْهُدَىٰ لَا يَتَّبِعُوكُمْ ۚ سَوَآءٌ عَلَيْكُمْ أَدَعَوْتُمُوهُمْ أَمْ أَنتُمْ صَٰمِتُونَ ﴿١٩٣﴾

194. Katotohanan, ang inyong pinaninikluhuran (sinasamba) na mga iba maliban pa kay Allah ay mga alipin (alalaong baga, angkin ng kanilang Panginoon) na katulad ninyo. Kaya't sila ay inyong panikluhuran at hayaang kayo ay sagutin nila, kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan.

إِنَّ ٱلَّذِينَ تَدْعُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ عِبَادٌ أَمْثَالُكُمْ ۖ فَٱدْعُوهُمْ فَلْيَسْتَجِيبُوا۟ لَكُمْ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿١٩٤﴾

أَلَهُمْ أَرْجُلٌ يَمْشُونَ بِهَآ أَمْ لَهُمْ أَيْدٍ يَبْطِشُونَ بِهَآ أَمْ لَهُمْ أَعْيُنٌ يُبْصِرُونَ بِهَآ أَمْ لَهُمْ ءَاذَانٌ يَسْمَعُونَ بِهَا ۗ قُلِ ٱدْعُوا۟ شُرَكَآءَكُمْ ثُمَّ كِيدُونِ فَلَا تُنظِرُونِ ﴿١٩٥﴾

195. Sila baga ay may mga paa na rito sila ay lumalakad? O sila ba ay may mga kamay na rito sila ay humahawak? O sila ba ay may mga mata na rito sila ay nakakakita? O sila ba ay may mga tainga na rito sila ay nakakarinig? Ipagbadya (O Muhammad): "Tawagin ninyo (ang inyong iniaakibat) na mga katambal (kay Allah) at kayo ay gumawa ng pakana laban sa akin, at huwag ninyo akong bigyan ng palugit na panahon!

إِنَّ وَلِيِّىَ ٱللَّهُ ٱلَّذِى نَزَّلَ ٱلْكِتَٰبَ ۖ وَهُوَ يَتَوَلَّى ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿١٩٦﴾

196. Katotohanan, ang aking *Wali* (Tagapangalaga, Tagapagtaguyod at Tagapagtangkilik) ay si Allah, na nagpahayag ng Aklat (ang Qur'an), at Siya ang nangangalaga (nagtataguyod at tumutulong) sa mga matutuwid."

وَٱلَّذِينَ تَدْعُونَ مِن دُونِهِۦ لَا يَسْتَطِيعُونَ نَصْرَكُمْ وَلَآ أَنفُسَهُمْ يَنصُرُونَ ﴿١٩٧﴾

197. At yaong mga dinadalanginan ninyo na mga iba maliban pa sa Kanya (Allah) ay hindi makatutulong sa inyo, gayundin naman ay hindi nila matutulungan ang kanilang sarili."

وَإِن تَدْعُوهُمْ إِلَى ٱلْهُدَىٰ لَا يَسْمَعُوا۟ ۖ وَتَرَىٰهُمْ يَنظُرُونَ إِلَيْكَ وَهُمْ لَا يُبْصِرُونَ ﴿١٩٨﴾

198. At kung sila ay inyong panikluhuran (o tawagin tungo) sa patnubay, sila ay hindi nakakarinig at mamamalas ninyo na sila ay tumitingin sa iyo, datapuwa't sila ay hindi nakakakita.

خُذِ ٱلْعَفْوَ وَأْمُرْ بِٱلْعُرْفِ وَأَعْرِضْ عَنِ ٱلْجَٰهِلِينَ ﴿١٩٩﴾

199. Magpakita kayo (O Muhammad) ng pagpapatawad, at magtagubilin kung ano ang mabuti at lumayo kayo sa mga luku-luko (alalaong baga, huwag ninyo silang patulan).

وَإِمَّا يَنزَغَنَّكَ مِنَ ٱلشَّيْطَٰنِ نَزْغٌ فَٱسْتَعِذْ بِٱللَّهِ ۚ إِنَّهُۥ سَمِيعٌ عَلِيمٌ ﴿٢٠٠﴾

200. At kung ang masamang bulong ay lumapit sa iyo mula kay Satanas, kayo ay humanap ng kalinga (magpakupkop kayo) kay Allah (laban kay Satanas). Katotohanang Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam.

إِنَّ ٱلَّذِينَ ٱتَّقَوْا۟ إِذَا مَسَّهُمْ طَٰٓئِفٌ مِّنَ ٱلشَّيْطَٰنِ تَذَكَّرُوا۟ فَإِذَا هُم مُّبْصِرُونَ ﴿٢٠١﴾

201. Katotohanan, sila na matimtiman sa kabutihan; kung ang isang masamang isipin (bulong) ay dumatal sa kanila mula kay Satanas, sila ay nakakaala-ala (kay Allah), at katotohanang sila ay nakakakita (nang matuwid).

وَإِخْوَٰنُهُمْ يَمُدُّونَهُمْ فِى ٱلْغَىِّ ثُمَّ لَا

202. At ang kanilang mga kapatid (na mga diyablo) ay nagdagdag sa kanila (sa

pamamagitan ng kanilang pang-uudyok sa kanila) sa paggawa ng kamalian, sila (na masasamang tao) ay hindi tumitigil sa pagganap nito.

يُقْصِرُونَ ﴿٢٠٢﴾

203. At kung ikaw ay hindi naghahatid sa kanila ng isang Tanda (Himala, ayon sa kanilang mungkahi), sila ay nagsasabi: "Bakit hindi mo dinala ito sa amin?" Ipagbadya: "Sinusunod ko lamang kung ano ang ipinahayag sa akin mula sa aking Panginoon. Ito (ang Qur'an) ay wala ng iba maliban na mga katibayan mula sa inyong Panginoon, at isang Patnubay at isang Habag sa mga tao na sumasampalataya (rito)."

وَإِذَا لَمْ تَأْتِهِم بِـَٔايَةٍ قَالُوا۟ لَوْلَا ٱجْتَبَيْتَهَا ۚ قُلْ إِنَّمَآ أَتَّبِعُ مَا يُوحَىٰٓ إِلَىَّ مِن رَّبِّى ۚ هَٰذَا بَصَآئِرُ مِن رَّبِّكُمْ وَهُدًى وَرَحْمَةٌ لِّقَوْمٍ يُؤْمِنُونَ ﴿٢٠٣﴾

204. At kung ang Qur'an ay dinadalit, kayo ay makinig dito, at maging tahimik (magbigay ng pansin) upang kayo ay makatanggap ng habag.

وَإِذَا قُرِئَ ٱلْقُرْءَانُ فَٱسْتَمِعُوا۟ لَهُۥ وَأَنصِتُوا۟ لَعَلَّكُمْ تُرْحَمُونَ ﴿٢٠٤﴾

205. At iyong alalahanin (purihin at luwalhatiin) ang iyong Panginoon sa (pamamagitan) ng iyong dila at sa loob ng iyong sarili, na mapagpakumbaba at may pangangamba at hindi malakas ang tinig (ng pagbigkas) sa (tuwing) umaga at gabi (maagang gabi), at huwag kayong mapabilang sa kanila na nagpapabaya.

وَٱذْكُر رَّبَّكَ فِى نَفْسِكَ تَضَرُّعًا وَخِيفَةً وَدُونَ ٱلْجَهْرِ مِنَ ٱلْقَوْلِ بِٱلْغُدُوِّ وَٱلْـَٔاصَالِ وَلَا تَكُن مِّنَ ٱلْغَٰفِلِينَ ﴿٢٠٥﴾

206. Katotohanan, ang (mga anghel) na nasa (piling) ng iyong Panginoon ay hindi kailanman naging palalo sa pag-aalay ng mga gawa ng pagsamba sa Kanya, bagkus, sila ay lumuluwalhati ng papuri sa Kanya at sila ay nagpapatirapa sa Kanya.

إِنَّ ٱلَّذِينَ عِندَ رَبِّكَ لَا يَسْتَكْبِرُونَ عَنْ عِبَادَتِهِۦ وَيُسَبِّحُونَهُۥ وَلَهُۥ يَسْجُدُونَ ﴿٢٠٦﴾

سُورَةُ الأَنفَالِ

Surah 8

Surat Al-Anfal
(Ang Mga Napanalunan sa Digmaan)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

يَسْـَٔلُونَكَ عَنِ ٱلْأَنفَالِ ۖ قُلِ ٱلْأَنفَالُ لِلَّهِ وَٱلرَّسُولِ ۖ فَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَأَصْلِحُوا۟ ذَاتَ بَيْنِكُمْ ۖ وَأَطِيعُوا۟ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥٓ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ﴿١﴾

1. Sila (na iyong mga kasamahan) ay nagtatanong sa iyo (O Muhammad) hinggil sa mga napanalunan sa digmaan. Ipagbadya: "Ang mga napanalunan sa digmaan ay para kay Allah at sa Sugo." Kaya't pangambahan ninyo si Allah at inyong ayusin ang lahat ng bagay ng pagkakahidwa sa inyong lipon, at inyong sundin si Allah at ang Kanyang Sugo (Muhammad) kung kayo ay sumasampalataya.

إِنَّمَا ٱلْمُؤْمِنُونَ ٱلَّذِينَ إِذَا ذُكِرَ ٱللَّهُ وَجِلَتْ قُلُوبُهُمْ وَإِذَا تُلِيَتْ عَلَيْهِمْ ءَايَٰتُهُۥ زَادَتْهُمْ إِيمَٰنًا وَعَلَىٰ رَبِّهِمْ يَتَوَكَّلُونَ ﴿٢﴾

2. Ang mga sumasampalataya ay sila, na kung ang Pangalan ni Allah ay nababanggit, ay nagkakaroon ng pangamba sa kanilang puso at kung ang Kanyang mga Talata (Qu'ran) ay dinadalit sa kanila (na katulad ng ganitong mga talata) ay nagpapaalab sa kanilang Pananalig; at sila ay naglalagay ng kanilang pagtitiwala sa kanilang Panginoon (lamang);

ٱلَّذِينَ يُقِيمُونَ ٱلصَّلَوٰةَ وَمِمَّا رَزَقْنَٰهُمْ يُنفِقُونَ ﴿٣﴾

3. (Sila) na nag-aalay ng *Salah* (takdang pagdarasal) nang mahinusay at gumugugol mula sa (mga) bagay na Aming ipinagkaloob sa kanila.

أُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْمُؤْمِنُونَ حَقًّا ۚ لَّهُمْ دَرَجَٰتٌ عِندَ رَبِّهِمْ وَمَغْفِرَةٌ وَرِزْقٌ كَرِيمٌ ﴿٤﴾

4. Sila ang mga tunay na sumasampalataya. Sasakanila ang mga antas ng karangalan na nasa kanilang Panginoon, at Pagpapatawad at masaganang panustos (sa Paraiso).

كَمَآ أَخْرَجَكَ رَبُّكَ مِنۢ بَيْتِكَ بِٱلْحَقِّ وَإِنَّ فَرِيقًا مِّنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ لَكَٰرِهُونَ ﴿٥﴾

5. Gayundin, na pinapangyari ng iyong Panginoon (O Muhammad) na ikaw ay lumabas mula sa iyong tahanan (para sa digmaan ng Badr) na may (dalang) katotohanan, samantalang tunay ngang mayroong pangkat sa

lipon ng mga sumasampalataya ang dito ay hindi nagnanais;

6. Sila ay nakikipagtalo sa iyo hinggil sa katotohanan matapos na ito ay maging maliwanag, na wari bang sila ay itinaboy sa kamatayan, habang sila (rito) ay nakamata.

يُجَٰدِلُونَكَ فِي ٱلْحَقِّ بَعْدَمَا تَبَيَّنَ كَأَنَّمَا يُسَاقُونَ إِلَى ٱلْمَوْتِ وَهُمْ يَنظُرُونَ ﴿٦﴾

7. At (gunitain) nang si Allah ay mangako sa inyo (O mga Muslim) ng isa sa dalawang pangkat (alalaong baga, maaaring ang mga naglalakbay na Quraish o ang kanilang sandatahan), na ito ay marapat na mapasainyo; at kayo ay nagnanais na ang mga hindi nasasandatahan (ang naglalakbay) ay maging inyo. Datapuwa't si Allah ay nagnais na itatag ang Katotohanan sa pamamagitan ng Kanyang mga Salita at iligpit (putulin ang mga ugat) ng mga hindi sumasampalataya (alalaong baga, sa digmaan ng Badr),

وَإِذْ يَعِدُكُمُ ٱللَّهُ إِحْدَى ٱلطَّآئِفَتَيْنِ أَنَّهَا لَكُمْ وَتَوَدُّونَ أَنَّ غَيْرَ ذَاتِ ٱلشَّوْكَةِ تَكُونُ لَكُمْ وَيُرِيدُ ٱللَّهُ أَن يُحِقَّ ٱلْحَقَّ بِكَلِمَٰتِهِۦ وَيَقْطَعَ دَابِرَ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٧﴾

8. Upang Kanyang mapangyari na ang Katotohanan ay magwagi at palisin ang kabulaanan kahit na ang *Mujrimun* (mga hindi sumasampalataya, mapagsamba sa diyus-diyosan, makasalanan, kriminal) ay mamuhi rito.

لِيُحِقَّ ٱلْحَقَّ وَيُبْطِلَ ٱلْبَٰطِلَ وَلَوْ كَرِهَ ٱلْمُجْرِمُونَ ﴿٨﴾

9. (At gunitain) nang kayo ay humingi ng tulong ng inyong Panginoon at Kanyang tinugon kayo (na nagsasabi): "Kayo ay Aking tutulungan (sa pamamagitan) ng isang libong anghel na magkakasunod (sa bawat isa)."

إِذْ تَسْتَغِيثُونَ رَبَّكُمْ فَٱسْتَجَابَ لَكُمْ أَنِّي مُمِدُّكُم بِأَلْفٍ مِّنَ ٱلْمَلَٰٓئِكَةِ مُرْدِفِينَ ﴿٩﴾

10. Ginawa lamang ito ni Allah bilang magandang balita (para sa inyo), at upang ang inyong puso ay maging matatag (at payapa). At walang anumang tagumpay maliban sa pamamagitan ng tulong ni Allah. Katotohanang si Allah ay Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

وَمَا جَعَلَهُ ٱللَّهُ إِلَّا بُشْرَىٰ وَلِتَطْمَئِنَّ بِهِۦ قُلُوبُكُمْ ۚ وَمَا ٱلنَّصْرُ إِلَّا مِنْ عِندِ ٱللَّهِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ عَزِيزٌ حَكِيمٌ ﴿١٠﴾

11. (At gunitain) nang Kanyang balutan kayo ng pagkaidlip bilang isang kapanatagan mula sa Kanya, at pinapangyari Niya na ang ulan ay manaog sa inyo mula sa alapaap, upang kayo ay malinisan at upang alisin Niya mula sa inyo ang *Rijz* (mga bulong, masamang udyok) ni Satanas,

إِذْ يُغَشِّيكُمُ ٱلنُّعَاسَ أَمَنَةً مِّنْهُ وَيُنَزِّلُ عَلَيْكُم مِّنَ ٱلسَّمَآءِ مَآءً لِّيُطَهِّرَكُم بِهِۦ وَيُذْهِبَ عَنكُمْ رِجْزَ ٱلشَّيْطَٰنِ وَلِيَرْبِطَ عَلَىٰ قُلُوبِكُمْ وَيُثَبِّتَ بِهِ ٱلْأَقْدَامَ ﴿١١﴾

at upang palakasin ang inyong puso at maging matatag ang inyong mga paa.

إِذْ يُوحِي رَبُّكَ إِلَى ٱلْمَلَٰٓئِكَةِ أَنِّي مَعَكُمْ فَثَبِّتُوا۟ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ۚ سَأُلْقِى فِى قُلُوبِ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ ٱلرُّعْبَ فَٱضْرِبُوا۟ فَوْقَ ٱلْأَعْنَاقِ وَٱضْرِبُوا۟ مِنْهُمْ كُلَّ بَنَانٍ ﴿١٢﴾

12. (At gunitain) nang ang inyong Panginoon ay magbigay ng inspirasyon sa mga anghel: "Katotohanang Ako ay kasama ninyo (na tutulong sa mga sumasampalataya sa pamamagitan ng Aking Kapangyarihan), kaya't inyong panatilihin na maging matatag ang mga nananampalataya. Ako (Allah) ay maglalagay ng takot sa puso ng mga hindi nananampalataya, kaya't sila ay inyong patayin (O mga sumasampalataya), at inyong hampasin ang lahat ng kanilang mga daliri sa kamay at paa."

ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ شَآقُّوا۟ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ ۚ وَمَن يُشَاقِقِ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ فَإِنَّ ٱللَّهَ شَدِيدُ ٱلْعِقَابِ ﴿١٣﴾

13. Ito'y sa dahilang sila ay sumalungat at sumuway kay Allah at sa Kanyang Sugo. At sinuman ang sumalungat at sumuway kay Allah at sa Kanyang Sugo, kung gayon, katotohanang si Allah ay mahigpit sa kaparusahan.

ذَٰلِكُمْ فَذُوقُوهُ وَأَنَّ لِلْكَٰفِرِينَ عَذَابَ ٱلنَّارِ ﴿١٤﴾

14. Ito ang kaparusahan (dito sa mundo), kaya't (inyong) lasapin ito, at katiyakang sa mga hindi sumasampalataya ay may kaparusahan ng Apoy.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِذَا لَقِيتُمُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ زَحْفًا فَلَا تُوَلُّوهُمُ ٱلْأَدْبَارَ ﴿١٥﴾

15. O kayong nagsisisampalataya! Kung inyong makatagpo ang mga hindi sumasampalataya sa larangan ng digmaan, kailanman, sila ay huwag ninyong uurungan.

وَمَن يُوَلِّهِمْ يَوْمَئِذٍ دُبُرَهُۥٓ إِلَّا مُتَحَرِّفًا لِّقِتَالٍ أَوْ مُتَحَيِّزًا إِلَىٰ فِئَةٍ فَقَدْ بَآءَ بِغَضَبٍ مِّنَ ٱللَّهِ وَمَأْوَىٰهُ جَهَنَّمُ ۖ وَبِئْسَ ٱلْمَصِيرُ ﴿١٦﴾

16. At sinuman ang umurong sa kanila sa gayong araw (ng digmaan), - maliban na lamang sa paglihis sa pakikidigma (bilang isang pamamaraan o taktika ng labanan), o sa pagpanig (sa kabilang) pangkat, (kung gayon) katiyakang hinatak niya (sa kanyang sarili) ang poot ni Allah. At ang kanyang tirahan ay Impiyerno, at tunay na pagkasama-sama ng gayong hantungan!

فَلَمْ تَقْتُلُوهُمْ وَلَٰكِنَّ ٱللَّهَ قَتَلَهُمْ ۚ وَمَا رَمَيْتَ إِذْ رَمَيْتَ وَلَٰكِنَّ ٱللَّهَ رَمَىٰ ۚ وَلِيُبْلِىَ ٱلْمُؤْمِنِينَ مِنْهُ بَلَآءً حَسَنًا ۚ إِنَّ ٱللَّهَ سَمِيعٌ عَلِيمٌ ﴿١٧﴾

17. Sila ay hindi ninyo napatay, datapuwa't si Allah ang pumatay sa kanila. At hindi ikaw ang naghagis (O Muhammad) nang ikaw ay maghagis (sa kanila), datapuwa't si Allah ang naghagis (alalaong baga, pinapangyari Niya na tumama ang ipinukol mo sa kanila), at upang

Kanyang masubukan ang mga sumasampalataya sa pamamagitan ng makatarungang pagsubok mula sa Kanya. Katotohanang si Allah ay Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Nakakaalam.

ذَٰلِكُمْ وَأَنَّ ٱللَّهَ مُوهِنُ كَيْدِ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿١٨﴾

18. Ito (ang pangyayari) ay upang mapanghina ni Allah ang (mapanglinlang) na pakana ng mga hindi sumasampalataya.

إِن تَسْتَفْتِحُوا۟ فَقَدْ جَآءَكُمُ ٱلْفَتْحُ ۖ وَإِن تَنتَهُوا۟ فَهُوَ خَيْرٌ لَّكُمْ ۖ وَإِن تَعُودُوا۟ نَعُدْ ۚ وَلَن تُغْنِىَ عَنكُمْ فِئَتُكُمْ شَيْـًٔا وَلَوْ كَثُرَتْ ۙ وَأَنَّ ٱللَّهَ مَعَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿١٩﴾

19. At kung kayo (na hindi sumasampalataya) ay humihingi ng kahatulan (alalaong baga, ang kaparusahan para sa mga lumalabag), ang kahatulan (alalaong baga, ang pagkagapi) ay dumatal na sa inyo. At kung kayo ay titigil (sa pakikipaglaban sa mga sumasampalataya), ito ay higit na mabuti sa inyo (dito sa mundo maging sa Kabilang Buhay), at kung kayo ay magbalik (sa digmaan), Kami rin ay magbabalik, at kailanman ay hindi ninyo maaasahan (ang inyong sandatahan; alalaong baga, wala silang magagawa para sa inyo) kahit na silang lahat ay lubhang marami, at katotohanang si Allah ay nasa panig ng mga sumasampalataya.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ أَطِيعُوا۟ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ وَلَا تَوَلَّوْا۟ عَنْهُ وَأَنتُمْ تَسْمَعُونَ ﴿٢٠﴾

20. O kayong nagsisisampalataya! Sundin ninyo si Allah at ang Kanyang Sugo, at huwag kayong tumalikod sa kanya (alalaong baga, sa pagsunod sa iniuutos ng Sugong si Muhammad) habang kayo ay nakakarinig.

وَلَا تَكُونُوا۟ كَٱلَّذِينَ قَالُوا۟ سَمِعْنَا وَهُمْ لَا يَسْمَعُونَ ﴿٢١﴾

21. At huwag kayong maging katulad nila (mga *Munafik* [mapagkunwari] at mga *Mushrik* [pagano]) na nagsasabi (ng): "Kami ay nakakarinig," datapuwa't sila ay hindi nakakarinig (alalaong baga, sila ay hindi sumunod sa kanilang narinig kay Propeta Muhammad).

۞ إِنَّ شَرَّ ٱلدَّوَآبِّ عِندَ ٱللَّهِ ٱلصُّمُّ ٱلْبُكْمُ ٱلَّذِينَ لَا يَعْقِلُونَ ﴿٢٢﴾

22. Katotohanan! Ang pinakamasama sa mga nabubuhay na nilalang sa Paningin ni Allah ay sila na mga bingi at pipi, sila na hindi nakakaunawa (alalaong baga, ang mga hindi sumasampalataya).

وَلَوْ عَلِمَ ٱللَّهُ فِيهِمْ خَيْرًا لَّأَسْمَعَهُمْ ۖ وَلَوْ أَسْمَعَهُمْ لَتَوَلَّوا۟ وَّهُم مُّعْرِضُونَ ﴿٢٣﴾

23. Kung si Allah ay nakaalam man lamang ng anumang mabuti sa kanila, tunay Niyang magagawa na sila ay makinig, at kahima't sila ay

gawin Niyang makinig, sila ay magsisitalikod din, habang sila ay tumatanggi (sa katotohanan).

24. O kayong nagsisisampalataya! Tugunin ninyo si Allah (sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya) at sa (Kanyang) Sugo kung kayo ay Kanyang tawagin sa bagay na magbibigay sa inyo ng buhay (walang hanggang kaligtasan at pamumuhay sa Paraiso), at inyong maalaman na si Allah ay makagagawa na Kanyang pigilan ang puso ng tao na magpasya sa masamang bagay. At katotohanang kayong (lahat) ay titipunin sa Kanya.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ ٱسْتَجِيبُواْ لِلَّهِ وَلِلرَّسُولِ إِذَا دَعَاكُمْ لِمَا يُحْيِيكُمْ ۖ وَٱعْلَمُوٓاْ أَنَّ ٱللَّهَ يَحُولُ بَيْنَ ٱلْمَرْءِ وَقَلْبِهِۦ وَأَنَّهُۥٓ إِلَيْهِ تُحْشَرُونَ ﴿٢٤﴾

25. At pangambahan ninyo ang *Fitnah* (kagipitan, kasiphayuan at pagsubok) na hindi lamang nakakaligalig sa mga gumagawa ng kabuktutan (ngunit maaari rin itong makaligalig sa mga gumagawa ng kabutihan), at inyong maalaman na si Allah ay mahigpit sa kaparusahan.

وَٱتَّقُواْ فِتْنَةً لَّا تُصِيبَنَّ ٱلَّذِينَ ظَلَمُواْ مِنكُمْ خَآصَّةً ۖ وَٱعْلَمُوٓاْ أَنَّ ٱللَّهَ شَدِيدُ ٱلْعِقَابِ ﴿٢٥﴾

26. At gunitain nang kayo (na mga nagsisisampalataya) ay iilan lamang at inaapi sa kalupaan, at natatakot na ang mga tao (na hindi nananampalataya) ay maaaring dumukot sa inyo, subalit Siya ay nagkaloob ng ligtas na lugar sa inyo, kayo ay sinuportahan Niya ng Kanyang tagumpay at kayo ay pinagkalooban Niya ng mabubuting bagay upang kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat.

وَٱذْكُرُوٓاْ إِذْ أَنتُمْ قَلِيلٌ مُّسْتَضْعَفُونَ فِى ٱلْأَرْضِ تَخَافُونَ أَن يَتَخَطَّفَكُمُ ٱلنَّاسُ فَـَٔاوَىٰكُمْ وَأَيَّدَكُم بِنَصْرِهِۦ وَرَزَقَكُم مِّنَ ٱلطَّيِّبَٰتِ لَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ ﴿٢٦﴾

27. O kayong nagsisisampalataya! Huwag ninyong ipagkaluno si Allah at ang Kanyang Sugo, (gayundin), ay huwag ninyong (sadyaing) ipagkaluno ang inyong *Amanah* (ang mga bagay na ipinagkatiwala sa inyo, at lahat ng mga tungkulin na itinalaga sa inyo ni Allah).

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ لَا تَخُونُواْ ٱللَّهَ وَٱلرَّسُولَ وَتَخُونُوٓاْ أَمَٰنَٰتِكُمْ وَأَنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿٢٧﴾

28. At inyong maalaman, na ang inyong ari-arian at mga anak ay isa lamang pagsubok at katiyakang na kay Allah ang malaking gantimpala.

وَٱعْلَمُوٓاْ أَنَّمَآ أَمْوَٰلُكُمْ وَأَوْلَٰدُكُمْ فِتْنَةٌ ۙ وَأَنَّ ٱللَّهَ عِندَهُۥٓ أَجْرٌ عَظِيمٌ ﴿٢٨﴾

29. O kayong nagsisisampalataya! Kung inyong pangangambahan (susundin) si Allah, Kanyang pagkakalooban kayo ng isang paraan ng

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓاْ إِن تَتَّقُواْ ٱللَّهَ يَجْعَل لَّكُمْ فُرْقَانًا وَيُكَفِّرْ عَنكُمْ سَيِّـَٔاتِكُمْ

kaligtasan (upang makatawid sa bawat kahirapan, kasiphayuan o kagipitan dito sa mundo), at Kanyang pagtatakpan (papawiin) ang inyong mga kasalanan, at Kanyang patatawarin kayo, at si Allah ang nagmamay-ari ng Malaking Kasaganaan.

وَيَغْفِرْ لَكُمْ ۗ وَٱللَّهُ ذُو ٱلْفَضْلِ ٱلْعَظِيمِ ﴿٢٩﴾

30. At (gunitain) nang ang mga hindi sumasampalataya ay nagbalak (ng isang masamang pakana) laban sa iyo (O Muhammad) na ikaw ay ipiit, o ikaw ay patayin, o ikaw ay kanilang maitaboy (sa iyong tahanan, alalaong baga, sa Makkah); sila ay nagbabalak, at si Allah rin ay nagbabalak, at si Allah ang pinakamagaling sa lahat ng mga nagbabalak.

وَإِذْ يَمْكُرُ بِكَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لِيُثْبِتُوكَ أَوْ يَقْتُلُوكَ أَوْ يُخْرِجُوكَ ۚ وَيَمْكُرُونَ وَيَمْكُرُ ٱللَّهُ ۖ وَٱللَّهُ خَيْرُ ٱلْمَٰكِرِينَ ﴿٣٠﴾

31. At kung ang Aming mga Talata (ang Qur'an) ay dinadalit sa kanila, sila ay nagsasabi: "Amin nang napakinggan ito (ang Qur'an); kung aming naisin, makapangungusap kami (ng katulad nito): Ito ay wala ng iba maliban sa mga alamat ng mga unang tao."

وَإِذَا تُتْلَىٰ عَلَيْهِمْ ءَايَٰتُنَا قَالُوا۟ قَدْ سَمِعْنَا لَوْ نَشَآءُ لَقُلْنَا مِثْلَ هَٰذَآ ۙ إِنْ هَٰذَآ إِلَّآ أَسَٰطِيرُ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿٣١﴾

32. At (gunitain) nang kanilang sinabi: "O Allah! Kung ito (ang Qur'an) ay tunay na Katotohanan (na nahayag) mula sa Inyo, kung gayon, Inyong paulanin ang mga bato sa amin mula sa alapaap at Inyong dalhin sa amin ang kasakit-sakit na kaparusahan."

وَإِذْ قَالُوا۟ ٱللَّهُمَّ إِن كَانَ هَٰذَا هُوَ ٱلْحَقَّ مِنْ عِندِكَ فَأَمْطِرْ عَلَيْنَا حِجَارَةً مِّنَ ٱلسَّمَآءِ أَوِ ٱئْتِنَا بِعَذَابٍ أَلِيمٍ ﴿٣٢﴾

33. Datapuwa't si Allah ay hindi magpaparusa sa kanila samantalang ikaw (Muhammad) ay nasa lipon nila, at hindi rin Niya parurusahan sila habang (nasa lipon nila ang mga sumasampalataya) na humihiling ng kapatawaran (ni Allah).

وَمَا كَانَ ٱللَّهُ لِيُعَذِّبَهُمْ وَأَنتَ فِيهِمْ ۚ وَمَا كَانَ ٱللَّهُ مُعَذِّبَهُمْ وَهُمْ يَسْتَغْفِرُونَ ﴿٣٣﴾

34. At bakit kaya hindi sila marapat na parusahan ni Allah, samantalang sila ay humahadlang (sa mga tao) sa pagtungo sa *Masjid-al-Haram* (ang Banal na Bahay-Dalanginan sa Makkah), at sila ay hindi mga tagapangalaga rito? Walang sinuman ang magiging tagapangalaga rito (*Masjid Al-Haram*) maliban sa *Muttaqun* (mga matimtiman at matutuwid na nananampalataya kay Allah), datapuwa't ang karamihan sa kanila ay walang

وَمَا لَهُمْ أَلَّا يُعَذِّبَهُمُ ٱللَّهُ وَهُمْ يَصُدُّونَ عَنِ ٱلْمَسْجِدِ ٱلْحَرَامِ وَمَا كَانُوٓا۟ أَوْلِيَآءَهُۥٓ ۚ إِنْ أَوْلِيَآؤُهُۥٓ إِلَّا ٱلْمُتَّقُونَ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٣٤﴾

kaalaman (dito).

35. Ang kanilang pagdalangin sa Tahanan ni Allah (alalaong baga, ang pagdalangin ng mga paganong Arabo sa *Ka'ba* sa Makkah noong una) ay wala ng iba maliban sa pagsutsot at pagpalakpak ng kanilang mga kamay. Kung gayon, inyong lasapin ang kaparusahan dahilan sa inyong kawalan ng pananampalataya.

وَمَا كَانَ صَلَاتُهُمْ عِندَ ٱلْبَيْتِ إِلَّا مُكَآءً وَتَصْدِيَةً ۚ فَذُوقُوا۟ ٱلْعَذَابَ بِمَا كُنتُمْ تَكْفُرُونَ ﴿٣٥﴾

36. Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya ay gumugugol ng kanilang kayamanan upang hadlangan (ang mga tao) sa Landas (Relihiyon) ni Allah, kaya't sila ay magpapatuloy sa paggugol nito; datapuwa't sa hulihan, ito ang magdudulot ng dalamhati sa kanila. At hindi maglalaon, sila ay mapapangibabawan (alalaong baga, matatalo ng mga sumasampalataya). At ang mga hindi sumasampalataya ay titipunin sa Impiyerno,

إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ يُنفِقُونَ أَمْوَٰلَهُمْ لِيَصُدُّوا۟ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ ۚ فَسَيُنفِقُونَهَا ثُمَّ تَكُونُ عَلَيْهِمْ حَسْرَةً ثُمَّ يُغْلَبُونَ ۗ وَٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ إِلَىٰ جَهَنَّمَ يُحْشَرُونَ ﴿٣٦﴾

37. Upang maibukod ni Allah ang kaibahan ng mga buktot (mga hindi sumasampalataya, mapagsamba sa diyus-diyosan at mga tampalasan) sa mga mababuti (nananalig sa Kaisahan ni Allah at mapaggawa ng katuwiran), at (Kanyang) maipatong ang ilang mga buktot sa ibabaw ng iba pa sa kanila at ibunton sila nang sama-sama at ihagis sila sa Impiyerno. Sila yaong mga talunan.

لِيَمِيزَ ٱللَّهُ ٱلْخَبِيثَ مِنَ ٱلطَّيِّبِ وَيَجْعَلَ ٱلْخَبِيثَ بَعْضَهُۥ عَلَىٰ بَعْضٍ فَيَرْكُمَهُۥ جَمِيعًا فَيَجْعَلَهُۥ فِى جَهَنَّمَ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْخَٰسِرُونَ ﴿٣٧﴾

38. Ipagbadya sa mga hindi nananampalataya, na kung sila ay titigil (sa kawalan ng pananalig at pang-aaway sa mga nananampalataya), ang kanilang nakaraan (na mga kasalanan) ay ipatatawad. Datapuwa't kung sila ay magbalik (sa kawalan ng pananalig), kung gayon, ang halimbawa ng mga (mapaghimagsik at naparusahan) na mga unang tao ay nangyari na nga.

قُل لِّلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ إِن يَنتَهُوا۟ يُغْفَرْ لَهُم مَّا قَدْ سَلَفَ ۖ وَإِن يَعُودُوا۟ فَقَدْ مَضَتْ سُنَّتُ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿٣٨﴾

39. At inyong labanan sila hanggang sa mapawi ang *Fitnah* (kawalan ng pananalig at pagsamba sa iba maliban pa kay Allah) at ang pananampalataya (pagsamba) ay maging tangi lamang kay Allah (sa buong santinakpan). Datapuwa't kung sila ay titigil (sa pagsamba sa

وَقَٰتِلُوهُمْ حَتَّىٰ لَا تَكُونَ فِتْنَةٌ وَيَكُونَ ٱلدِّينُ كُلُّهُۥ لِلَّهِ ۚ فَإِنِ ٱنتَهَوْا۟ فَإِنَّ ٱللَّهَ بِمَا يَعْمَلُونَ بَصِيرٌ ﴿٣٩﴾

iba maliban pa kay Allah), kung gayon, katiyakang si Allah ang Ganap na Nakamamalas ng kanilang ginagawa.

وَإِن تَوَلَّوْا۟ فَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ مَوْلَىٰكُمْ ۚ نِعْمَ ٱلْمَوْلَىٰ وَنِعْمَ ٱلنَّصِيرُ ﴿٤٠﴾

40. At kung sila ay magsitalikod (sa pagsampalataya kay Allah), inyong maalaman na si Allah ang inyong *Maula* (Patron, Panginoon, Tagapangalaga at Tagapagtaguyod), (O gaano Siya) Kagaling na *Maula*, at (gaano Siya) Kagaling na Tagapagtangkilik!

۞ وَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّمَا غَنِمْتُم مِّن شَىْءٍ فَأَنَّ لِلَّهِ خُمُسَهُۥ وَلِلرَّسُولِ وَلِذِى ٱلْقُرْبَىٰ وَٱلْيَتَٰمَىٰ وَٱلْمَسَٰكِينِ وَٱبْنِ ٱلسَّبِيلِ إِن كُنتُمْ ءَامَنتُم بِٱللَّهِ وَمَآ أَنزَلْنَا عَلَىٰ عَبْدِنَا يَوْمَ ٱلْفُرْقَانِ يَوْمَ ٱلْتَقَى ٱلْجَمْعَانِ ۗ وَٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿٤١﴾

41. At inyong maalaman na ang anumang labing-yaman ng digmaan na inyong napakinabang, katotohanan, ang isang lima (1/5) nito ay nakatalaga kay Allah at sa Sugo at sa mga malalapit na kamag-anak (ng Sugo, Muhammad), at (gayundin) sa mga ulila, sa mga naghihikahos na nagpapalimos at sa mga naglalakbay (na kinapos ng panustos sa daan), kung kayo ay nagsisampalataya kay Allah at (naniwala) sa mga bagay na Aming ipinanaog sa Aming alipin (Muhammad) sa Araw ng pamantayan (sa pagitan ng tama at mali), sa Araw nang ang dalawang lakas (pangkat) ay magtagpo (sa digmaaan ng Badr) – at si Allah ay may kapangyarihang gumawa ng lahat ng bagay.

إِذْ أَنتُم بِٱلْعُدْوَةِ ٱلدُّنْيَا وَهُم بِٱلْعُدْوَةِ ٱلْقُصْوَىٰ وَٱلرَّكْبُ أَسْفَلَ مِنكُمْ ۚ وَلَوْ تَوَاعَدتُّمْ لَٱخْتَلَفْتُمْ فِى ٱلْمِيعَٰدِ ۙ وَلَٰكِن لِّيَقْضِىَ ٱللَّهُ أَمْرًا كَانَ مَفْعُولًا لِّيَهْلِكَ مَنْ هَلَكَ عَنۢ بَيِّنَةٍ وَيَحْيَىٰ مَنْ حَىَّ عَنۢ بَيِّنَةٍ ۗ وَإِنَّ ٱللَّهَ لَسَمِيعٌ عَلِيمٌ ﴿٤٢﴾

42. At (gunitain) nang kayo (mga sandatahang Muslim) ay nasa gilid ng lambak na malapit (sa Madinah), at sila (na mga kaaway ninyo) ay nasa kabilang ibayo, at ang mga pulutong ng naglalakbay (na nangangalakal na pinamumunuan ni Abu Sufyan) ay nasa lugar na mababa sa inyo (sa banda ng Pulang Dagat [Read Sea]). Kahima't kayo ay gumawa ng magkasanib na pagtatagpo upang magkita, katiyakang kayo ay mabibigo sa inyong pakikipagtagpo (dahil kayo ay hindi magkikita), datapuwa't (kayo ay nagtagpo) upang maisakatuparan ni Allah ang bagay na naitalaga na (sa Kanyang Karunungan); na yaong mga naglaho (dahilan sa kanilang pagtatakwil sa pananampalataya) ay maglaho nang salig sa (maliwanag) na katibayan; at yaong mga namuhay (sa pananampalataya) ay mamuhay nang salig sa (maliwanag) na katibayan. At katiyakang si Allah ay Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam.

إِذْ يُرِيكَهُمُ ٱللَّهُ فِى مَنَامِكَ قَلِيلًا ۖ وَلَوْ أَرَىٰكَهُمْ كَثِيرًا لَّفَشِلْتُمْ وَلَتَنَٰزَعْتُمْ فِى ٱلْأَمْرِ وَلَٰكِنَّ ٱللَّهَ سَلَّمَ ۚ إِنَّهُۥ عَلِيمٌۢ بِذَاتِ ٱلصُّدُورِ ﴿٤٣﴾

43. At (gunitain) nang sila (mga kaaway) ay ipamalas ni Allah sa iyo (sa pamamagitan ng iyong panaginip) na kakaunti lamang (ang kanilang bilang, upang kayo ay magkaroon ng lakas ng loob), kung Kanyang ipinakita sila na marami, katiyakang kayo ay mawawalan ng lakas ng loob at katiyakang kayo ay magtatalu-

talo sa paggawa ng pasya (na ituloy ang digmaan). Datapuwa't iniligtas (kayo) ni Allah. Katiyakang Siya ang Ganap na Nakakaalam kung ano ang nasa mga dibdib (puso).

وَإِذْ يُرِيكُمُوهُمْ إِذِ ٱلْتَقَيْتُمْ فِىٓ أَعْيُنِكُمْ قَلِيلًا وَيُقَلِّلُكُمْ فِىٓ أَعْيُنِهِمْ لِيَقْضِىَ ٱللَّهُ أَمْرًا كَانَ مَفْعُولًا ۗ وَإِلَى ٱللَّهِ تُرْجَعُ ٱلْأُمُورُ ﴿٤٤﴾

44. At (gunitain) nang inyong makatagpo (ang mga sandatahan ng mga hindi sumasampalataya sa Araw ng digmaan ng Badr), Kanyang ipinakita sila sa inyo na kakaunti lamang sa inyong paningin at ginawa (rin) Niya na kakaunti kayo sa kanilang paningin, upang maisakatuparan ni Allah ang isang bagay na naitakda na (sa Kanyang Kaalaman na mangyayari), at kay Allah ang (lahat) ng mga bagay ay magbabalik (upang pagpasyahan).

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِذَا لَقِيتُمْ فِئَةً فَٱثْبُتُوا۟ وَٱذْكُرُوا۟ ٱللَّهَ كَثِيرًا لَّعَلَّكُمْ تُفْلِحُونَ ﴿٤٥﴾

45. O kayong nagsisisampalataya! Kung inyong makatagpo ang pangkat (ng mga kaaway), tumindig kayo nang matatag (laban sa kanila) at alalahanin nang higit ang Pangalan ni Allah (kapwa sa dila at isipan) upang kayo ay maging matagumpay.

وَأَطِيعُوا۟ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ وَلَا تَنَٰزَعُوا۟ فَتَفْشَلُوا۟ وَتَذْهَبَ رِيحُكُمْ ۖ وَٱصْبِرُوٓا۟ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ مَعَ ٱلصَّٰبِرِينَ ﴿٤٦﴾

46. At sundin ninyo si Allah at ang Kanyang Sugo, at huwag kayong makipagtalo (sa isa't isa), baka kayo ay mawalan ng tapang at ang inyong lakas ay mapalis, at maging matiyaga. Katotohanang si Allah ay kakampi ng mga matitiyaga (na nananampalataya).

وَلَا تَكُونُوا۟ كَٱلَّذِينَ خَرَجُوا۟ مِن دِيَٰرِهِم بَطَرًا وَرِئَآءَ ٱلنَّاسِ وَيَصُدُّونَ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ ۚ وَٱللَّهُ بِمَا يَعْمَلُونَ مُحِيطٌ ﴿٤٧﴾

47. At huwag maging katulad ng mga tao (ang mga *Mushrik* [pagano]) na lumabas sa kanilang tahanan (bayan) ng may pagmamataas at upang mamasdan lamang ng mga tao, at upang humadlang (sa mga tao) tungo sa Landas ni Allah. At si Allah ay Ganap na Nakatatalos sa lahat ng kanilang ginagawa.

وَإِذْ زَيَّنَ لَهُمُ ٱلشَّيْطَٰنُ أَعْمَٰلَهُمْ وَقَالَ لَا غَالِبَ لَكُمُ ٱلْيَوْمَ مِنَ ٱلنَّاسِ وَإِنِّى جَارٌ لَّكُمْ ۖ فَلَمَّا تَرَٰٓءَتِ ٱلْفِئَتَانِ نَكَصَ عَلَىٰ عَقِبَيْهِ وَقَالَ إِنِّى بَرِىٓءٌ مِّنكُمْ إِنِّىٓ أَرَىٰ مَا لَا تَرَوْنَ إِنِّىٓ أَخَافُ ٱللَّهَ ۚ وَٱللَّهُ شَدِيدُ ٱلْعِقَابِ ﴿٤٨﴾

48. At (gunitain) nang si Satanas ay gumawa na ang kanilang (masasamang) gawa ay magiging kalugud-lugod sa kanila, at nagsabi, "Walang sinuman sa sangkatauhan ang makakapanaig sa inyo sa Araw na ito (digmaan ng Badr) at katotohanang ako ang inyong tagapangalaga". Datapuwa't nang ang dalawang puwersa (sandatahan) ay makamalas sa isa't isa, siya ay tumalilis at nagsabi: "Katotohanang ako ay

walang kinalaman sa inyo. Katotohanan! Ang aking nakikita ay hindi ninyo nakikita. Katotohanan! Ako (Satanas) ay nangangamba kay Allah sapagkat si Allah ay mahigpit sa kaparusahan."

إِذْ يَقُولُ ٱلْمُنَٰفِقُونَ وَٱلَّذِينَ فِى قُلُوبِهِم مَّرَضٌ غَرَّ هَٰٓؤُلَآءِ دِينُهُمْ ۗ وَمَن يَتَوَكَّلْ عَلَى ٱللَّهِ فَإِنَّ ٱللَّهَ عَزِيزٌ حَكِيمٌ ﴿٤٩﴾

49. Nang ang mga mapagkunwari at sila na ang kanilang puso ay may karamdaman (ng pagmamataas at kawalan ng pananalig) ay nagsabi: "Ang mga taong ito (Muslim) ay nadaya ng kanilang pananampalataya." Datapuwa't (ang hindi nila batid); sinumang maglagay ng kanyang pagtitiwala kay Allah, katiyakang si Allah ay Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

وَلَوْ تَرَىٰٓ إِذْ يَتَوَفَّى ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ يَضْرِبُونَ وُجُوهَهُمْ وَأَدْبَٰرَهُمْ وَذُوقُوا۟ عَذَابَ ٱلْحَرِيقِ ﴿٥٠﴾

50. At kung inyo lamang mapagmamasdan, kung ang mga anghel ay kumukuha ng kaluluwa ng mga hindi sumasampalataya (sa kanilang kamatayan), sila ay humahampas sa kanilang mukha at likuran (na nagsasabi): "Lasapin ninyo ang kaparusahan ng naglalagablab na Apoy."

ذَٰلِكَ بِمَا قَدَّمَتْ أَيْدِيكُمْ وَأَنَّ ٱللَّهَ لَيْسَ بِظَلَّٰمٍ لِّلْعَبِيدِ ﴿٥١﴾

51. Ito'y dahilan sa mga ginawa ng inyong mga kamay. At katotohanang si Allah ay makatarungan sa Kanyang mga alipin.

كَدَأْبِ ءَالِ فِرْعَوْنَ وَٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ ۚ كَفَرُوا۟ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ فَأَخَذَهُمُ ٱللَّهُ بِذُنُوبِهِمْ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ قَوِىٌّ شَدِيدُ ٱلْعِقَابِ ﴿٥٢﴾

52. (Ang kanilang pag-uugali) ay katulad ng mga pag-uugali ng mga Tao ni Paraon, at ng mga nauna sa kanila; kanilang itinakwil ang *Ayat* (mga katibayan, tanda, kapahayagan, aral) ni Allah, kaya't pinarusahan sila ni Allah dahilan sa kanilang kasalanan. Katotohanang si Allah ay Ganap na Malakas, ang mahigpit sa kaparusahan.

ذَٰلِكَ بِأَنَّ ٱللَّهَ لَمْ يَكُ مُغَيِّرًا نِّعْمَةً أَنْعَمَهَا عَلَىٰ قَوْمٍ حَتَّىٰ يُغَيِّرُوا۟ مَا بِأَنفُسِهِمْ ۙ وَأَنَّ ٱللَّهَ سَمِيعٌ عَلِيمٌ ﴿٥٣﴾

53. Ito'y sa dahilang hindi babaguhin ni Allah ang pabor (o biyaya) na Kanyang ipinagkaloob sa isang (lipon) ng mga tao hangga't hindi nila binabago kung ano ang nasa kalooban nila. At katotohanang si Allah ay Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam.

كَدَأْبِ ءَالِ فِرْعَوْنَ وَٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ ۚ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِ رَبِّهِمْ فَأَهْلَكْنَٰهُم بِذُنُوبِهِمْ وَأَغْرَقْنَآ ءَالَ فِرْعَوْنَ ۚ وَكُلٌّ كَانُوا۟

54. (Ang kanilang pag-uugali) ay katulad ng pag-uugali ng mga Tao ni Paraon at ng mga nangauna sa kanila. Sila ay nagpabulaan sa *Ayat* (mga katibayan, talata, aral, tanda,

kapahayagan) ng kanilang Panginoon, kaya't Aming winasak sila dahilan sa kanilang kasalanan, at Aming nilunod ang mga Tao ni Paraon sapagkat silang lahat ay *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian, buktot).

ظَٰلِمِينَ ﴿٥٤﴾

55. Katotohanan, ang pinakamasama sa lahat ng nabubuhay na nilalang sa Paningin ni Allah ay ang mga hindi sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah, na sumasamba sa iba maliban pa sa Kanya, nagtatakwil sa mga Sugo, at hindi naniniwala sa Kasulatan), kaya't sila ay hindi (na) mananampalataya.

إِنَّ شَرَّ ٱلدَّوَآبِّ عِندَ ٱللَّهِ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ فَهُمْ لَا يُؤْمِنُونَ ﴿٥٥﴾

56. Sila yaon, na inyong ginawan ng kasunduan, datapuwa't sinisira nila ang kanilang kasunduan sa bawat panahon, at sila ay hindi nangangamba kay Allah.

ٱلَّذِينَ عَٰهَدتَّ مِنْهُمْ ثُمَّ يَنقُضُونَ عَهْدَهُمْ فِى كُلِّ مَرَّةٍ وَهُمْ لَا يَتَّقُونَ ﴿٥٦﴾

57. Kaya't kung ikaw (O Muhammad) ay nakapangibabaw sa kanila sa labanan, sila ay inyong parusahan nang matindi upang inyong mapalis ang mga (nagtataguyod) sa kanila, upang (sa gayon), sila ay magkamit (dito) ng aral.

فَإِمَّا تَثْقَفَنَّهُمْ فِى ٱلْحَرْبِ فَشَرِّدْ بِهِم مَّنْ خَلْفَهُمْ لَعَلَّهُمْ يَذَّكَّرُونَ ﴿٥٧﴾

58. Kung ikaw (O Muhammad) ay nangangamba sa kataksilan mula sa sinumang pangkat, iyong ibalik (alalaong baga, pawalang-bisa ang inyong kasunduan) sa kanila (upang ito ay maging) patas (na wala ng kasunduan sa inyong pagitan [ikaw at sila]). Katotohanang si Allah ay hindi nalulugod sa mga traydor.

وَإِمَّا تَخَافَنَّ مِن قَوْمٍ خِيَانَةً فَٱنۢبِذْ إِلَيْهِمْ عَلَىٰ سَوَآءٍ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يُحِبُّ ٱلْخَآئِنِينَ ﴿٥٨﴾

59. At huwag mag-akala ang mga hindi sumasampalataya na sila ay makakalampas (makakatakas sa kaparusahan). Katotohanang hindi nila magagawang iligtas ang kanilang sarili (sa kaparusahan ni Allah).

وَلَا يَحْسَبَنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ سَبَقُوٓا۟ ۚ إِنَّهُمْ لَا يُعْجِزُونَ ﴿٥٩﴾

60. At magsipaghanda kayo para sa kanila (na hindi nananampalataya) ng lahat ninyong magagawa ng inyong lakas, kasama ang mga kabayo ng digmaan (kasama ang iba pang mapamuksang sandata), upang takutin ang kaaway ni Allah at inyong kaaway, at mga iba

وَأَعِدُّوا۟ لَهُم مَّا ٱسْتَطَعْتُم مِّن قُوَّةٍ وَمِن رِّبَاطِ ٱلْخَيْلِ تُرْهِبُونَ بِهِۦ عَدُوَّ ٱللَّهِ وَعَدُوَّكُمْ وَءَاخَرِينَ مِن دُونِهِمْ لَا تَعْلَمُونَهُمُ ٱللَّهُ يَعْلَمُهُمْ ۚ وَمَا تُنفِقُوا۟ مِن

pa na hindi ninyo nalalaman subalit nababatid ni Allah. At ang anumang inyong gugulin sa Kapakanan ni Allah ay babayaran sa inyo, at kayo ay hindi pakikitunguhan ng walang katarungan.

شَيْءٍ فِي سَبِيلِ ٱللَّهِ يُوَفَّ إِلَيْكُمْ وَأَنتُمْ لَا تُظْلَمُونَ ﴿٦٠﴾

61. Datapuwa't kung sila ay humilig sa kapayapaan, humilig din kayo rito, at (inyong ilagay) ang pagtitiwala kay Allah. Katotohanang Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam.

۞ وَإِن جَنَحُوا۟ لِلسَّلْمِ فَٱجْنَحْ لَهَا وَتَوَكَّلْ عَلَى ٱللَّهِ ۚ إِنَّهُۥ هُوَ ٱلسَّمِيعُ ٱلْعَلِيمُ ﴿٦١﴾

62. At kung sila ay magnais na kayo ay dayain, kung gayon, katotohanang si Allah ay Sapat na (bilang Tagapangalaga) para sa inyo. Siya ang nagtataguyod sa iyo sa pamamagitan ng Kanyang tulong, (gayundin) sa mga sumasampalataya.

وَإِن يُرِيدُوٓا۟ أَن يَخْدَعُوكَ فَإِنَّ حَسْبَكَ ٱللَّهُ ۚ هُوَ ٱلَّذِىٓ أَيَّدَكَ بِنَصْرِهِۦ وَبِٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٦٢﴾

63. At Kanyang pinag-isa ang kanilang (mga nananampalataya) puso (upang maging malapit sila sa isa't isa sa pagmamahalan, pagtutulungan at pagkakapatiran). At kung iyo mang gugulin ang lahat ng nasa kalupaan, hindi mo magagawa na pag-isahin ang kanilang puso, datapuwa't si Allah ang nagbigay ng pagkakaisa sa kanila. Katiyakang Siya ay Ganap na Makapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

وَأَلَّفَ بَيْنَ قُلُوبِهِمْ ۚ لَوْ أَنفَقْتَ مَا فِى ٱلْأَرْضِ جَمِيعًا مَّآ أَلَّفْتَ بَيْنَ قُلُوبِهِمْ وَلَٰكِنَّ ٱللَّهَ أَلَّفَ بَيْنَهُمْ ۚ إِنَّهُۥ عَزِيزٌ حَكِيمٌ ﴿٦٣﴾

64. O Propeta (Muhammad)! Sapat na sa iyo si Allah, gayundin sa kanila na sumusunod sa iyo, na mga sumasampalataya.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّبِىُّ حَسْبُكَ ٱللَّهُ وَمَنِ ٱتَّبَعَكَ مِنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٦٤﴾

65. O Propeta (Muhammad)! Papag-alabin mo ang mga sumasampalataya na makipaglaban. Kung mayroong dalawampung matimtiman (matitiyaga at matatatag) sa lipon ninyo, kanilang magagapi ang dalawang daan (sa lipon nila), at kung mayroong isang daang matimtiman (matitiyaga at matatatag), kanilang madadaig ang isang libong hindi sumasampalataya, sapagkat sila (na hindi sumasampalataya) ay mga tao na hindi nakakaunawa (ng tulong at pagtataguyod na ipinagkaloob ni Allah sa mga sumasampalataya).

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّبِىُّ حَرِّضِ ٱلْمُؤْمِنِينَ عَلَى ٱلْقِتَالِ ۚ إِن يَكُن مِّنكُمْ عِشْرُونَ صَٰبِرُونَ يَغْلِبُوا۟ مِاْئَتَيْنِ ۚ وَإِن يَكُن مِّنكُم مِّاْئَةٌ يَغْلِبُوٓا۟ أَلْفًا مِّنَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ بِأَنَّهُمْ قَوْمٌ لَّا يَفْقَهُونَ ﴿٦٥﴾

66. Sa ngayon ay pinagaan ni Allah ang inyong (tungkulin) sapagkat batid Niya na may kahinaan sa inyo. Kaya't kung mayroon sa inyo na isang daang matimtiman (matitiyaga at matatatag), kanilang madadaig ang dalawang daan (na hindi sumasampalataya), at kung mayroong isang libo sa inyo, kanilang madadaig ang dalawang libo (sa lipon nila) sa kapahintulutan ni Allah. At si Allah ay kasama ng mga matimtiman (sa pamamagitan ng Kanyang Kaalaman at pagtataguyod sa kanila).

ٱلْـَٰٔنَ خَفَّفَ ٱللَّهُ عَنكُمْ وَعَلِمَ أَنَّ فِيكُمْ ضَعْفًا ۚ فَإِن يَكُن مِّنكُم مِّاْئَةٌ صَابِرَةٌ يَغْلِبُوا۟ مِاْئَتَيْنِ ۚ وَإِن يَكُن مِّنكُمْ أَلْفٌ يَغْلِبُوٓا۟ أَلْفَيْنِ بِإِذْنِ ٱللَّهِ ۗ وَٱللَّهُ مَعَ ٱلصَّـٰبِرِينَ ﴿٦٦﴾

67. Hindi isang katampatan sa isang propeta na siya ay magkaroon ng mga bihag ng digmaan (at pakawalan dahil may pantubos) hangga't siya ay hindi nakakagawa ng malaking pagpatay (sa lipon ng kanyang mga kaaway) sa kalupaan. Kayo (mga Muslim) ay naghahangad ng makamundong bagay (alalaong baga, ang salapi bilang pantubos sa pagpapalaya ng mga bihag), datapuwa't si Allah ay naghahangad (sa inyo) ng Kabilang Buhay. At si Allah ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

مَا كَانَ لِنَبِىٍّ أَن يَكُونَ لَهُۥٓ أَسْرَىٰ حَتَّىٰ يُثْخِنَ فِى ٱلْأَرْضِ ۚ تُرِيدُونَ عَرَضَ ٱلدُّنْيَا وَٱللَّهُ يُرِيدُ ٱلْـَٔاخِرَةَ ۗ وَٱللَّهُ عَزِيزٌ حَكِيمٌ ﴿٦٧﴾

68. Kung ito (alalaong baga, ang pagpapalaya ng bihag matapos magbayad ng pantubos) ay hindi lamang dati nang pinagpasyahan (itinadhana) ni Allah, isang matinding kaparusahan na sana ang daratal sa inyo dahilan sa inyong ginawa.

لَّوْلَا كِتَـٰبٌ مِّنَ ٱللَّهِ سَبَقَ لَمَسَّكُمْ فِيمَآ أَخَذْتُمْ عَذَابٌ عَظِيمٌ ﴿٦٨﴾

69. Kaya't inyong gamitin (pakinabangan) kung anuman ang inyong nakuhang labing-yaman ng digmaan (bilang) mabuti at pinahihintulutan, at mangamba (kayo) kay Allah. Katiyakang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

فَكُلُوا۟ مِمَّا غَنِمْتُمْ حَلَـٰلًا طَيِّبًا ۚ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٦٩﴾

70. O Propeta! Sabihin mo sa mga bihag na nasa (pag-iingat) ng iyong kamay (tungkol sa mga pantubos na nakuha sa kanila): "Kung mababatid ni Allah ang anumang mabuti sa inyong puso, Siya ay magkakaloob sa inyo ng bagay na higit na mabuti kaysa sa mga nakuha sa inyo, at Kanyang patatawarin kayo, at si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain."

يَـٰٓأَيُّهَا ٱلنَّبِىُّ قُل لِّمَن فِىٓ أَيْدِيكُم مِّنَ ٱلْأَسْرَىٰٓ إِن يَعْلَمِ ٱللَّهُ فِى قُلُوبِكُمْ خَيْرًا يُؤْتِكُمْ خَيْرًا مِّمَّآ أُخِذَ مِنكُمْ وَيَغْفِرْ لَكُمْ ۚ وَٱللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٧٠﴾

وَإِن يُرِيدُوا۟ خِيَانَتَكَ فَقَدْ خَانُوا۟ ٱللَّهَ مِن قَبْلُ فَأَمْكَنَ مِنْهُمْ ۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ ﴿٧١﴾

71. At kung sila ay nagnanais na ikaw (O Muhammad) ay ipagkaluno, noon pa mang una ay ipinagkaluno na nila si Allah. Kaya't ikaw ay binigyan Niya ng lakas (tulong) na matalo sila. At si Allah ay Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan.

إِنَّ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَهَاجَرُوا۟ وَجَٰهَدُوا۟ بِأَمْوَٰلِهِمْ وَأَنفُسِهِمْ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ وَٱلَّذِينَ ءَاوَوا۟ وَّنَصَرُوٓا۟ أُو۟لَٰٓئِكَ بَعْضُهُمْ أَوْلِيَآءُ بَعْضٍ ۚ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَلَمْ يُهَاجِرُوا۟ مَا لَكُم مِّن وَلَٰيَتِهِم مِّن شَىْءٍ حَتَّىٰ يُهَاجِرُوا۟ ۚ وَإِنِ ٱسْتَنصَرُوكُمْ فِى ٱلدِّينِ فَعَلَيْكُمُ ٱلنَّصْرُ إِلَّا عَلَىٰ قَوْمٍ بَيْنَكُمْ وَبَيْنَهُم مِّيثَٰقٌ ۗ وَٱللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ بَصِيرٌ ﴿٧٢﴾

72. Katotohanan, ang mga nagsisampalataya at lumikas (nangibang-bayan sa Makkah), at nakipaglaban sa pamamagitan ng kanilang ari-arian at ng kanilang buhay (sarili) sa Kapakanan ni Allah (sila ang *Muhajirun* [mga nagsilikas]), gayundin ang mga nagbigay (sa kanila) ng silungan (matitirahan) at tulong (sila ang mga *Ansar* sa Madinah), - sila ang magkakapanalig sa isa't isa. At ang mga nagsisampalataya na hindi nagsilikas (na kasama ka, O Muhammad), ikaw ay walang pananagutan sa kanila na pangalagaan sila hangga't sila ay hindi lumilikas, datapuwa't kung sila ay nananawagan sa inyo sa pananampalataya upang sila ay tulungan, ito ay inyong katungkulan na tulungan sila, maliban na lamang kung (ito) ay laban sa mga tao na mayroon kayong pinagkasunduan ng pakikianib, at si Allah ang Ganap na Nakamamasid ng inyong ginagawa.

وَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ بَعْضُهُمْ أَوْلِيَآءُ بَعْضٍ ۚ إِلَّا تَفْعَلُوهُ تَكُن فِتْنَةٌ فِى ٱلْأَرْضِ وَفَسَادٌ كَبِيرٌ ﴿٧٣﴾

73. At ang mga hindi sumasampalataya ay magkakatuwang sa isa't isa, (at) kung kayo (O mga Muslim na sama-sama sa buong daigdig) ay hindi gumawa nito (alalaong baga, hindi naging magkakaanib bilang nagkakaisang lipon na may isang *Khalifa*, [isang pinunong Muslim, sa buong mundo ng mga Muslim], na gawing magtagumpay ang pananampalataya ni Allah at ipagbubunyi ang Kanyang Kaisahan), ay magkakaroon ng *Fitnah* (pagsamba sa diyus-diyosan, digmaan, labanan, pang-aapi, kasiphayuan at pagsubok) sa kalupaan, at isang malaking kabuktutan at kasamaan (ang paglitaw ng pagsamba sa mga diyus-diyosan).

وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَهَاجَرُوا۟ وَجَٰهَدُوا۟ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ وَٱلَّذِينَ ءَاوَوا۟ وَّنَصَرُوٓا۟ أُو۟لَٰٓئِكَ

74. At sila na nagsisampalataya at lumikas (nangibang-bayan sa Makkah), at nakipaglaban sa Kapakanan ni Allah, gayundin ang mga

nagbigay (sa kanila) ng masisilungan at tulong (ang mga *Ansar* [Muslim] sa Madinah); - sila nga ang tunay na nananampalataya, sasakanila ang Kapatawaran (ni Allah) at masaganang panustos (sa Paraiso).

هُمُ ٱلْمُؤْمِنُونَ حَقًّا ۚ لَّهُمْ مَّغْفِرَةٌ وَرِزْقٌ كَرِيمٌ ﴿٧٤﴾

75. At sila na nagsisampalataya pagkaraan nito (ang unang paglikas ng mga Muslim), at lumikas at nakipaglaban (sa Kapakanan ni Allah) na kasama ninyo, sila ay kabilang sa inyo. Datapuwa't yaong magkakamag-anak (sa dugo) ay higit na may karapatan (hinggil sa pamana), ayon sa kautusan na itinalaga ni Allah. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ng bagay.

وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مِنۢ بَعْدُ وَهَاجَرُوا۟ وَجَٰهَدُوا۟ مَعَكُمْ فَأُو۟لَٰٓئِكَ مِنكُمْ ۚ وَأُو۟لُوا۟ ٱلْأَرْحَامِ بَعْضُهُمْ أَوْلَىٰ بِبَعْضٍ فِى كِتَٰبِ ٱللَّهِ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ بِكُلِّ شَىْءٍ عَلِيمٌۢ ﴿٧٥﴾

سُورَةُ التَّوْبَةِ

Surah 9

Surat At-Taubah
(Ang Pagtitika sa Kasalanan)

1. Ito ay isang (pagpapahayag) ng kalayaan (kawalan ng pananagutan) sa (lahat) ng mga katungkulan mula kay Allah at sa Kanyang Sugo, sa *Mushrikun* (mga mapagsamba sa maraming diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah), na sa kanila, kayo (mga Muslim) ay gumawa ng kasunduan.

بَرَآءَةٌ مِّنَ ٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦٓ إِلَى ٱلَّذِينَ عَٰهَدتُّم مِّنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿١﴾

2. Kaya't magsipaglakbay kayo nang malaya (O *Mushrikun*) sa loob ng apat na buwan (ayon sa inyong nais) sa buong kalupaan, datapuwa't inyong maalaman na kayo ay hindi makakatalilis (sa kaparusahan) ni Allah, at si Allah ay magpapawalang-dangal sa mga hindi sumasampalataya.

فَسِيحُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ أَرْبَعَةَ أَشْهُرٍ وَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّكُمْ غَيْرُ مُعْجِزِى ٱللَّهِ ۙ وَأَنَّ ٱللَّهَ مُخْزِى ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٢﴾

3. At isang pagpapahayag mula kay Allah at ng Kanyang Sugo sa sangkatauhan sa araw ng mas dakilang Pilgrimahe (ang ika-10 ng *Dhul Hijja*, –

وَأَذَٰنٌ مِّنَ ٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦٓ إِلَى ٱلنَّاسِ يَوْمَ ٱلْحَجِّ ٱلْأَكْبَرِ أَنَّ ٱللَّهَ بَرِىٓءٌ مِّنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ۙ

وَرَسُولُهُۥٓ فَإِن تُبْتُمْ فَهُوَ خَيْرٌ لَّكُمْ ۖ وَإِن تَوَلَّيْتُمْ فَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّكُمْ غَيْرُ مُعْجِزِى ٱللَّهِ ۗ وَبَشِّرِ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ بِعَذَابٍ أَلِيمٍ ﴿٣﴾

ang panlabingdalawang buwan ng kalendaryong Islamiko), na si Allah at ang Kanyang Sugo ay malaya (walang pananagutan) sa lahat ng mga katungkulan sa *Mushrikun* (mga pagano, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah), [alalaong baga, si Allah at ang Kanyang Sugo ay nagpapawalang-saysay ng kasunduan sa mga pagano]. Kaya't kung kayo (O *Mushrikun*) ay magsipagtika, ito ay higit na mabuti sa inyo, datapuwa't kung kayo ay magsitalikod, kung gayon, inyong maalaman na kayo ay hindi makakatalilis (sa kaparusahan ni Allah). At magbigay ng balita (O Muhammad) sa mga hindi sumasampalataya ng isang kasakit-sakit na kaparusahan.

إِلَّا ٱلَّذِينَ عَٰهَدتُّم مِّنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ثُمَّ لَمْ يَنقُصُوكُمْ شَيْـًٔا وَلَمْ يُظَٰهِرُوا۟ عَلَيْكُمْ أَحَدًا فَأَتِمُّوٓا۟ إِلَيْهِمْ عَهْدَهُمْ إِلَىٰ مُدَّتِهِمْ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ يُحِبُّ ٱلْمُتَّقِينَ ﴿٤﴾

4. Maliban sa *Mushrikun* na mayroon kayong kasunduan, at hindi nagbigay sa inyo ng pagkabigo sa anuman, gayundin, sila ay hindi nagtaguyod sa sinuman na laban sa inyo. Kaya't inyong tuparin ang inyong kasunduan sa kanila hanggang sa katapusan ng takdang araw. Katiyakang si Allah ay nagmamahal sa *Al-Muttaqun* (mga matimtiman at matutuwid na mananampalataya kay Allah).

فَإِذَا ٱنسَلَخَ ٱلْأَشْهُرُ ٱلْحُرُمُ فَٱقْتُلُوا۟ ٱلْمُشْرِكِينَ حَيْثُ وَجَدتُّمُوهُمْ وَخُذُوهُمْ وَٱحْصُرُوهُمْ وَٱقْعُدُوا۟ لَهُمْ كُلَّ مَرْصَدٍ ۚ فَإِن تَابُوا۟ وَأَقَامُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ وَءَاتَوُا۟ ٱلزَّكَوٰةَ فَخَلُّوا۟ سَبِيلَهُمْ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٥﴾

5. At kung ang mga sagradong buwan (ang una, pampito, panlabing-isa, at panlabingdalawang buwan ng kalendaryong Islamiko) ay matapos, kung gayon, inyong patayin ang *Mushrikun* kahit saan ninyo matagpuan sila, inyong bihagin sila at salakayin, at maghanda kayo para sa kanila sa lahat (at bawat) lugar ng pagtambang. Datapuwa't kung sila ay magtika at mag-alay ng *Salah* (takdang pagdarasal) nang mahinusay, at magbigay ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa), kung gayon, hayaang sila ay (humayo) sa kanilang patutunguhan. Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَإِنْ أَحَدٌ مِّنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ٱسْتَجَارَكَ فَأَجِرْهُ حَتَّىٰ يَسْمَعَ كَلَٰمَ ٱللَّهِ ثُمَّ أَبْلِغْهُ مَأْمَنَهُۥ ۚ ذَٰلِكَ

6. At sinuman sa *Mushrikun* (mapagsamba sa maraming diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa kaisahan ni Allah) ang humingi ng iyong pangangalaga, kung gayon, (iyong)

gawaran siya ng pangangalaga upang kanyang marinig ang Salita ni Allah (ang Qur'an), at iyong samahan siya sa lugar na siya ay magiging ligtas, sapagkat sila ay mga tao na walang kaalaman.

بِأَنَّهُمْ قَوْمٌ لَّا يَعْلَمُونَ ﴿٦﴾

7. Paano baga magkakaroon ng isang kasunduan kay Allah at sa Kanyang Sugo sa *Mushrikun* (mapagsamba sa maraming diyus-diyosan, pagano, hindi nananalig sa Kaisahan ni Allah) maliban sa kanila na gumawa ng kasunduan sa inyo roon sa *Masjid Al-Haram* (Bahay-Dalanginan sa Makkah [noong panahon ng kasunduan sa Hudaibiyah])? Habang sila ay matapat sa inyo, maging matapat din kayo sa kanila. Katotohanang si Allah ay nagmamahal sa *Al-Muttaqun* (mga matimtiman at matutuwid na mananampalataya kay Allah).

كَيْفَ يَكُونُ لِلْمُشْرِكِينَ عَهْدٌ عِندَ اللَّهِ وَعِندَ رَسُولِهِ إِلَّا الَّذِينَ عَاهَدتُّمْ عِندَ الْمَسْجِدِ الْحَرَامِ فَمَا اسْتَقَامُوا لَكُمْ فَاسْتَقِيمُوا لَهُمْ إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ الْمُتَّقِينَ ﴿٧﴾

8. Paano (kayang magkakaroon ng gayong kasunduan sa kanila), dahil sa, nang kayo ay magahis nila, sila ay hindi nagsaalang-alang sa (inyong) pinagsamahan, maging ito man ay sa pagkakamag-anak o sa kasunduan sa inyo? (Sa magagandang salita) na galing sa kanilang bibig ay kanilang napapahinuhod kayo, datapuwa't ang kanilang puso ay umaayaw sa inyo, at ang karamihan sa kanila ay *Fasiqun* (mapaghimagsik at palasuway kay Allah).

كَيْفَ وَإِن يَظْهَرُوا عَلَيْكُمْ لَا يَرْقُبُوا فِيكُمْ إِلًّا وَلَا ذِمَّةً يُرْضُونَكُم بِأَفْوَاهِهِمْ وَتَأْبَىٰ قُلُوبُهُمْ وَأَكْثَرُهُمْ فَاسِقُونَ ﴿٨﴾

9. Kanilang ipinagpalit ang *Ayat* (mga katibayan, talata, aral, tanda, kapahayagan, atbp.) ni Allah sa isang maliit na pakinabang, at hinadlangan nila ang mga tao tungo sa Kanyang Landas; tunay na kasamaan ang kanilang ginagawa.

اشْتَرَوْا بِآيَاتِ اللَّهِ ثَمَنًا قَلِيلًا فَصَدُّوا عَن سَبِيلِهِ إِنَّهُمْ سَاءَ مَا كَانُوا يَعْمَلُونَ ﴿٩﴾

10. Hindi nila pinahahalagahan ang sumasampalataya (sa alang-alang) ng pagsasamahan, maging ito man ay sa pagkakamag-anak o sa kasunduan! Sila nga ang mga lumalabag.

لَا يَرْقُبُونَ فِي مُؤْمِنٍ إِلًّا وَلَا ذِمَّةً وَأُولَٰئِكَ هُمُ الْمُعْتَدُونَ ﴿١٠﴾

11. Datapuwa't kung sila ay magsisi at mag-alay ng *Salah* (takdang pagdarasal) nang mahinusay at magbigay ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa), kung gayon, sila ay inyong mga

فَإِن تَابُوا وَأَقَامُوا الصَّلَاةَ وَآتَوُا الزَّكَاةَ فَإِخْوَانُكُمْ فِي الدِّينِ وَنُفَصِّلُ الْآيَاتِ لِقَوْمٍ يَعْلَمُونَ ﴿١١﴾

kapatid sa pananampalataya. (Sa gayong paraan) ay Aming ipinapaliwanag ang *Ayat* (mga katibayan, talata, aral, tanda, kapahayagan, atbp.) nang masusi sa mga tao na nakakaalam.

وَإِن نَّكَثُوٓا۟ أَيْمَٰنَهُم مِّنۢ بَعْدِ عَهْدِهِمْ وَطَعَنُوا۟ فِى دِينِكُمْ فَقَٰتِلُوٓا۟ أَئِمَّةَ ٱلْكُفْرِ ۙ إِنَّهُمْ لَآ أَيْمَٰنَ لَهُمْ لَعَلَّهُمْ يَنتَهُونَ ﴿١٢﴾

12. Datapuwa't kung sila ay sumira sa kanilang mga pangako (sumpa) matapos ang kasunduan, at tuligsain ang inyong pananampalataya (Relihiyon) ng may pag-ayaw at pamimintas, kung gayon, inyong labanan ang mga pinuno na walang pananalig (mga pinuno ng Quraish, mga pagano ng Makkah) – sapagkat katiyakan, ang kanilang pangako (sumpa) ay walang halaga sa kanila, – upang sila ay tumigil (sa masasamang gawa).

أَلَا تُقَٰتِلُونَ قَوْمًا نَّكَثُوٓا۟ أَيْمَٰنَهُمْ وَهَمُّوا۟ بِإِخْرَاجِ ٱلرَّسُولِ وَهُم بَدَءُوكُمْ أَوَّلَ مَرَّةٍ ۚ أَتَخْشَوْنَهُمْ ۚ فَٱللَّهُ أَحَقُّ أَن تَخْشَوْهُ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ﴿١٣﴾

13. Hindi baga ninyo lalabanan ang mga tao na sumira sa kanilang pangako (mga pagano ng Makkah) at naghahangad na ipatapon ang Sugo, samantalang una silang sumalakay sa inyo? Natatakot ba kayo sa kanila? Si Allah ay may higit na karapatan na Siya ay inyong pangambahan kung kayo ay nananampalataya.

قَٰتِلُوهُمْ يُعَذِّبْهُمُ ٱللَّهُ بِأَيْدِيكُمْ وَيُخْزِهِمْ وَيَنصُرْكُمْ عَلَيْهِمْ وَيَشْفِ صُدُورَ قَوْمٍ مُّؤْمِنِينَ ﴿١٤﴾

14. Makipaglaban kayo sa kanila upang si Allah ay magparusa sa kanila sa pamamagitan ng inyong mga kamay, at pawalang-dangal sila, at kayo ay gawaran (Niya) ng tagumpay laban sa kanila, at upang bigyang-kasiyahan ang dibdib ng mga tao na sumasampalataya.

وَيُذْهِبْ غَيْظَ قُلُوبِهِمْ ۗ وَيَتُوبُ ٱللَّهُ عَلَىٰ مَن يَشَآءُ ۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ ﴿١٥﴾

15. At upang mapawi ang pagkagalit (ng mga sumasampalataya) sa kanilang puso. At si Allah ay tumatanggap sa pagsisisi ng sinumang Kanyang naisin. Si Allah ay Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan.

أَمْ حَسِبْتُمْ أَن تُتْرَكُوا۟ وَلَمَّا يَعْلَمِ ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ جَٰهَدُوا۟ مِنكُمْ وَلَمْ يَتَّخِذُوا۟ مِن دُونِ ٱللَّهِ وَلَا رَسُولِهِۦ وَلَا ٱلْمُؤْمِنِينَ وَلِيجَةً ۚ وَٱللَّهُ خَبِيرٌۢ بِمَا تَعْمَلُونَ ﴿١٦﴾

16. Napag-aakala ba ninyo na kayo ay hahayaang nag-iisa, samantalang hindi pa nasusubukan ni Allah ang mga nasa lipon ninyo, na nakikipaglaban at hindi kumuha ng mga katulong, tagapayo at kasangguni (mula sa mga hindi sumasampalataya, mga pagano), maliban pa kay Allah at sa Kanyang Sugo at ng mga sumasampalataya. Si Allah ay Ganap na Nakatatalos ng inyong ginagawa.

مَا كَانَ لِلْمُشْرِكِينَ أَن يَعْمُرُوا۟ مَسَٰجِدَ ٱللَّهِ شَٰهِدِينَ عَلَىٰٓ أَنفُسِهِم بِٱلْكُفْرِ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ حَبِطَتْ أَعْمَٰلُهُمْ وَفِى ٱلنَّارِ هُمْ خَٰلِدُونَ ﴿١٧﴾

17. Hindi isang katampatan sa mga *Mushrik* (mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano) ang mangalaga ng mga *Masjid* (Tahanan) ni Allah (alalaong baga, ang magdasal at sumamba kay Allah dito at mangasiwa sa kalinisan at mga gusali rito), habang sila ay saksi sa kanilang sarili ng kanilang kawalan ng pananampalataya. Ang mga gawain nila ay walang saysay at sa Apoy sila ay mananahan.

إِنَّمَا يَعْمُرُ مَسَٰجِدَ ٱللَّهِ مَنْ ءَامَنَ بِٱللَّهِ وَٱلْيَوْمِ ٱلْءَاخِرِ وَأَقَامَ ٱلصَّلَوٰةَ وَءَاتَى ٱلزَّكَوٰةَ وَلَمْ يَخْشَ إِلَّا ٱللَّهَ ۖ فَعَسَىٰٓ أُو۟لَٰٓئِكَ أَن يَكُونُوا۟ مِنَ ٱلْمُهْتَدِينَ ﴿١٨﴾

18. Ang mga *Masjid* (Tahanan) ni Allah ay pangangasiwaan lamang ng mga sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw; na nagsisipag-alay ng *Salah* (takdang pagdarasal) nang mahinusay, at nagbibigay ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa) at walang pinangangambahan maliban lamang kay Allah. Sila ang mga inaasahan na nasa tunay na patnubay.

أَجَعَلْتُمْ سِقَايَةَ ٱلْحَآجِّ وَعِمَارَةَ ٱلْمَسْجِدِ ٱلْحَرَامِ كَمَنْ ءَامَنَ بِٱللَّهِ وَٱلْيَوْمِ ٱلْءَاخِرِ وَجَٰهَدَ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ ۚ لَا يَسْتَوُۥنَ عِندَ ٱللَّهِ ۗ وَٱللَّهُ لَا يَهْدِى ٱلْقَوْمَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿١٩﴾

19. Napag-aakala ba ninyo na ang pagbibigay ng tubig na maiinom sa mga nagpipilgrimahe (nagpeperignasyon) at nangangasiwa sa *Al-Masjid-Al-Haram* (Tahanan ni Allah sa Makkah) ay katumbas sa halaga ng mga sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw, at nakikipaglaban sa Kapakanan ni Allah? Sila ay hindi magkatulad sa Paningin ni Allah. At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na *Zalimun* (mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian, buktot, tampalasan).

ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَهَاجَرُوا۟ وَجَٰهَدُوا۟ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ بِأَمْوَٰلِهِمْ وَأَنفُسِهِمْ أَعْظَمُ دَرَجَةً عِندَ ٱللَّهِ ۚ وَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْفَآئِزُونَ ﴿٢٠﴾

20. Sila na sumasampalataya at nagsilikas, at nakipaglaban sa Kapakanan ni Allah sa pamamagitan ng kanilang kayamanan at buhay ay higit na mataas sa antas sa Paningin ni Allah. At sila nga ang matatagumpay.

يُبَشِّرُهُمْ رَبُّهُم بِرَحْمَةٍ مِّنْهُ وَرِضْوَٰنٍ وَجَنَّٰتٍ لَّهُمْ فِيهَا نَعِيمٌ مُّقِيمٌ ﴿٢١﴾

21. Ang kanilang Panginoon ay nagbibigay sa kanila ng masayang balita ng isang Habag mula sa Kanya, at Siya ay nalulugod (sa kanila), at sasakanila ang Halamanan (Paraiso) na naririto ang walang hanggang ligaya.

خَٰلِدِينَ فِيهَآ أَبَدًا ۚ إِنَّ ٱللَّهَ عِندَهُۥٓ أَجْرٌ عَظِيمٌ ﴿٢٢﴾

22. Magsisipanirahan sila rito magpakailanman. Katotohanan, na kay Allah ang malaking gantimpala.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ لَا تَتَّخِذُوٓاْ ءَابَآءَكُمۡ وَإِخۡوَٰنَكُمۡ أَوۡلِيَآءَ إِنِ ٱسۡتَحَبُّواْ ٱلۡكُفۡرَ عَلَى ٱلۡإِيمَٰنِۚ وَمَن يَتَوَلَّهُم مِّنكُمۡ فَأُوْلَٰٓئِكَ هُمُ ٱلظَّٰلِمُونَ ﴿٢٣﴾

23. O kayong nagsisisampalataya! Huwag ninyong tangkilikin bilang *auliya* (tagapagtaguyod at tagapagtangkilik) ang inyong ama at inyong mga kapatid kung kanilang higit na pinahahalagahan ang kawalan ng pananalig kaysa sa pananampalataya. At sinuman sa inyo ang tumangkilik sa kanila, kung gayon, siya ay isa sa *Zalimun* (mapaggawa ng kamalian, buktot, buhong).

قُلۡ إِن كَانَ ءَابَآؤُكُمۡ وَأَبۡنَآؤُكُمۡ وَإِخۡوَٰنُكُمۡ وَأَزۡوَٰجُكُمۡ وَعَشِيرَتُكُمۡ وَأَمۡوَٰلٌ ٱقۡتَرَفۡتُمُوهَا وَتِجَٰرَةٌ تَخۡشَوۡنَ كَسَادَهَا وَمَسَٰكِنُ تَرۡضَوۡنَهَآ أَحَبَّ إِلَيۡكُم مِّنَ ٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ وَجِهَادٖ فِي سَبِيلِهِۦ فَتَرَبَّصُواْ حَتَّىٰ يَأۡتِيَ ٱللَّهُ بِأَمۡرِهِۦۗ وَٱللَّهُ لَا يَهۡدِي ٱلۡقَوۡمَ ٱلۡفَٰسِقِينَ ﴿٢٤﴾

24. Ipagbadya: "Kung ang inyong ama, ang inyong mga anak, ang inyong mga kapatid, ang inyong mga asawa, ang inyong mga kamag-anak; ang kayamanan na inyong kinita, ang mga kalakal na pinangangambahan ninyo ang pagkalugi; at sa mga tahanan na labis ninyong kinagigiliwan ay higit na mahalaga sa inyo kaysa kay Allah at sa Kanyang Sugo, at ang pakikipaglaban sa Kanyang Kapakanan; kung gayon, kayo ay maghintay hanggang sa ibaba ni Allah ang Kanyang Kapasyahan (pagpaparusa). At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na *Al-Fasiqun* (mga mapaghimagsik, palasuway kay Allah).

لَقَدۡ نَصَرَكُمُ ٱللَّهُ فِي مَوَاطِنَ كَثِيرَةٖ وَيَوۡمَ حُنَيۡنٍ إِذۡ أَعۡجَبَتۡكُمۡ كَثۡرَتُكُمۡ فَلَمۡ تُغۡنِ عَنكُمۡ شَيۡـٔٗا وَضَاقَتۡ عَلَيۡكُمُ ٱلۡأَرۡضُ بِمَا رَحُبَتۡ ثُمَّ وَلَّيۡتُم مُّدۡبِرِينَ ﴿٢٥﴾

25. Katotohanan, si Allah ay naggawad sa inyo ng tagumpay sa maraming labanan, at sa Araw ng labanan sa Hunain nang kayo ay nagbubunyi sa marami ninyong bilang, datapuwa't kayo ay walang napakinabang na anuman, at ang lupain sa kanyang ganap na kalawakan ay makitid para sa inyo, at makaraan, kayo ay nagsiurong na tumatalilis.

ثُمَّ أَنزَلَ ٱللَّهُ سَكِينَتَهُۥ عَلَىٰ رَسُولِهِۦ وَعَلَى ٱلۡمُؤۡمِنِينَ وَأَنزَلَ جُنُودٗا لَّمۡ تَرَوۡهَا وَعَذَّبَ ٱلَّذِينَ كَفَرُواْۚ وَذَٰلِكَ جَزَآءُ ٱلۡكَٰفِرِينَ ﴿٢٦﴾

26. At pagkaraan nito ay ipinanaog ni Allah ang Kanyang *Sakinah* (kahinahunan, kapayapaan, katahimikan at kaaliwalasan) sa (Kanyang) Sugo (Muhammad) at sa mga sumasampalataya, at nagpapanaog Siya ng puwersa (mga anghel) na hindi ninyo nakikita, (at pinarusahan nila ang mga hindi sumasampalataya). Ito ang kabayaran ng mga hindi sumasampalataya.

ثُمَّ يَتُوبُ ٱللَّهُ مِنۢ بَعۡدِ ذَٰلِكَ عَلَىٰ مَن يَشَآءُۗ

27. At pagkaraan nito, si Allah ay tatanggap ng pagtitika (pagbabalik-loob sa Kanya) ng

sinuman na Kanyang mapusuan. At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَٱللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٢٧﴾

28. O kayong nagsisisampalataya (sa Kaisahan ni Allah at naniniwala sa Kanyang Sugong si Muhammad)! Katotohanan, ang mga *Mushrik* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, at sa Pahayag ni Muhammad) ay *Najasun* (hindi dalisay)! Kaya't huwag silang hayaan na makalapit sa *Al-Masjid-Al-Haram* (Tahanan ni Allah sa Makkah) matapos ang taong ito (alalaong baga huwag silang hayaan na magsagawa rito ng *Hajj* at *Umrah*), at kung kayo ay nangangamba sa kahirapan, si Allah ang magbibigay ng yaman sa inyo kung Kanyang naisin mula sa Kanyang Kasaganaan. Katotohanang si Allah ay Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِنَّمَا ٱلْمُشْرِكُونَ نَجَسٌ فَلَا يَقْرَبُوا۟ ٱلْمَسْجِدَ ٱلْحَرَامَ بَعْدَ عَامِهِمْ هَٰذَا ۚ وَإِنْ خِفْتُمْ عَيْلَةً فَسَوْفَ يُغْنِيكُمُ ٱللَّهُ مِن فَضْلِهِۦٓ إِن شَآءَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ عَلِيمٌ حَكِيمٌ ﴿٢٨﴾

29. Makipaglaban kayo sa kanila na hindi sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw, at sa mga hindi nagbabawal sa bagay na ipinagbabawal ni Allah at ng Kanyang Sugo, at sila na hindi tumatanggap sa pananampalataya ng katotohanan (ang Islam) mula sa lipon ng pinagkalooban ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano), hanggang sila ay magbayad ng *Jizya* (isang [uri] ng buwis bilang proteksiyon sa mga hindi Muslim) ng may pagsang-ayon habang sila ay nagpapakumbaba.

قَٰتِلُوا۟ ٱلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ بِٱللَّهِ وَلَا بِٱلْيَوْمِ ٱلْءَاخِرِ وَلَا يُحَرِّمُونَ مَا حَرَّمَ ٱللَّهُ وَرَسُولُهُۥ وَلَا يَدِينُونَ دِينَ ٱلْحَقِّ مِنَ ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ حَتَّىٰ يُعْطُوا۟ ٱلْجِزْيَةَ عَن يَدٍ وَهُمْ صَٰغِرُونَ ﴿٢٩﴾

30. At ang mga Hudyo ay nagsasabi: "Si Ezra ay anak ni Allah, at ang mga Kristiyano ay nagsasabi: Ang Mesiyas ay anak ni Allah." Ito ang ibinabadya ng kanilang bibig. Sila ay nagsisigaya sa mga sinasabi ng mga hindi nananampalataya noong panahong sinauna. Ang sumpa ni Allah ay sasakanila, paano silang napaligaw nang malayo sa Katotohanan!

وَقَالَتِ ٱلْيَهُودُ عُزَيْرٌ ٱبْنُ ٱللَّهِ وَقَالَتِ ٱلنَّصَٰرَى ٱلْمَسِيحُ ٱبْنُ ٱللَّهِ ۖ ذَٰلِكَ قَوْلُهُم بِأَفْوَٰهِهِمْ ۖ يُضَٰهِـُٔونَ قَوْلَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِن قَبْلُ ۚ قَٰتَلَهُمُ ٱللَّهُ ۚ أَنَّىٰ يُؤْفَكُونَ ﴿٣٠﴾

31. Sila (ang mga Hudyo at Kristiyano) ay tumangkilik sa kanilang mga *rabbi* (maalam na tao sa relihiyon) at kanilang mga monako (pari) bilang kanilang panginoon maliban pa kay Allah (sa pamamagitan ng pagsunod sa kanila sa mga

ٱتَّخَذُوٓا۟ أَحْبَارَهُمْ وَرُهْبَٰنَهُمْ أَرْبَابًا مِّن دُونِ ٱللَّهِ وَٱلْمَسِيحَ ٱبْنَ مَرْيَمَ وَمَآ أُمِرُوٓا۟ إِلَّا لِيَعْبُدُوٓا۟ إِلَٰهًا

وَٰحِدًا ۖ لَّآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ۚ سُبْحَٰنَهُۥ عَمَّا يُشْرِكُونَ ﴿٣١﴾

bagay na ginawa nilang pinahihintulutan o hindi pinahihintulutan, ayon sa kanilang pagnanasa na hindi ipinag-utos ni Allah), at sila rin (ay nagtaguri bilang kanilang Panginoon) ang Mesiyas, ang anak ni Maria, samantalang sila (mga Hudyo at Kristiyano) ay pinag-utusan (sa *Torah* [mga Batas] at Ebanghelyo) na tanging sumamba lamang sa Nag-iisang Diyos (Allah), *La ilaha illa Huwa* [Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya]). Ang kapurihan at kaluwalhatian ay sa Kanya, (higit Siyang dakila) sa lahat ng mga katambal na itinataguri (sa pagsamba sa Kanya).

يُرِيدُونَ أَن يُطْفِـُٔوا۟ نُورَ ٱللَّهِ بِأَفْوَٰهِهِمْ وَيَأْبَى ٱللَّهُ إِلَّآ أَن يُتِمَّ نُورَهُۥ وَلَوْ كَرِهَ ٱلْكَٰفِرُونَ ﴿٣٢﴾

32. Sila (ang mga hindi sumasampalataya, ang mga Hudyo at Kristiyano) ay nagnanais na palisin ang Liwanag (Relihiyon) ni Allah sa pamamagitan ng kanilang bibig, datapuwa't si Allah ay hindi magpapahintulot nito, malibang ang Kanyang Liwanag (Relihiyon) ay maging ganap, kahit na ang *Kafirun* (mga hindi sumasampalataya) ay mamuhi (rito).

هُوَ ٱلَّذِىٓ أَرْسَلَ رَسُولَهُۥ بِٱلْهُدَىٰ وَدِينِ ٱلْحَقِّ لِيُظْهِرَهُۥ عَلَى ٱلدِّينِ كُلِّهِۦ وَلَوْ كَرِهَ ٱلْمُشْرِكُونَ ﴿٣٣﴾

33. Siya (Allah) ang nagsugo ng Kanyang Sugo (Muhammad) ng may Patnubay at Tunay na Relihiyon (Islam), upang gawin Niya itong mangibabaw sa lahat ng mga pananampalataya (relihiyon) kahit na ang *Mushrikun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, atbp.) ay mamuhi (rito).

۞ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِنَّ كَثِيرًا مِّنَ ٱلْأَحْبَارِ وَٱلرُّهْبَانِ لَيَأْكُلُونَ أَمْوَٰلَ ٱلنَّاسِ بِٱلْبَٰطِلِ وَيَصُدُّونَ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ ۗ وَٱلَّذِينَ يَكْنِزُونَ ٱلذَّهَبَ وَٱلْفِضَّةَ وَلَا يُنفِقُونَهَا فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ فَبَشِّرْهُم بِعَذَابٍ أَلِيمٍ ﴿٣٤﴾

34. O kayong nagsisisampalataya! Katotohanang marami sa mga (Hudyong) *rabbi* (maalam sa relihiyon) at mga (Kristiyanong) monako (pari) ang nagpapasasa sa kayamanan ng sangkatauhan (sa pamamagitan ng) kabulaanan (kawalang-katarungan), at humadlang (sa kanila) tungo sa Landas ni Allah (alalaong baga, sa Islam). At (sila) ay nagtitinggal ng ginto at pilak (ang *Al-Kanz*, ang pera na hindi ipinagbayad ng *Zakah* [katungkulang kawanggawa]) at hindi gumugugol nito tungo sa Landas ni Allah, - ipagbadya sa kanila ang kasakit-sakit na

kaparusahan.

يَوْمَ يُحْمَىٰ عَلَيْهَا فِي نَارِ جَهَنَّمَ فَتُكْوَىٰ بِهَا جِبَاهُهُمْ وَجُنُوبُهُمْ وَظُهُورُهُمْ ۖ هَٰذَا مَا كَنَزْتُمْ لِأَنفُسِكُمْ فَذُوقُوا مَا كُنتُمْ تَكْنِزُونَ ﴿٣٥﴾

35. Sa Araw na ang *Al-Kanz* (salapi, ginto at pilak, atbp. na ang *Zakah* [katungkulang kawanggawa] rito ay hindi ipinagbayad) ay paiinitin sa Apoy ng Impiyerno at ito ay itatatak sa kanilang noo, sa kanilang tagiliran, at sa kanilang likod (at ipagbabadya sa kanila): "Ito ang kayamanan na inyong itinago sa inyong sarili. Ngayon, inyong lasapin ang inyong inimpok."

إِنَّ عِدَّةَ الشُّهُورِ عِندَ اللَّهِ اثْنَا عَشَرَ شَهْرًا فِي كِتَابِ اللَّهِ يَوْمَ خَلَقَ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضَ مِنْهَا أَرْبَعَةٌ حُرُمٌ ۚ ذَٰلِكَ الدِّينُ الْقَيِّمُ ۚ فَلَا تَظْلِمُوا فِيهِنَّ أَنفُسَكُمْ ۚ وَقَاتِلُوا الْمُشْرِكِينَ كَافَّةً كَمَا يُقَاتِلُونَكُمْ كَافَّةً ۚ وَاعْلَمُوا أَنَّ اللَّهَ مَعَ الْمُتَّقِينَ ﴿٣٦﴾

36. Katotohanan, ang bilang ng mga buwan kay Allah ay labingdalawang buwan (sa isang taon), ito ang itinalaga ni Allah sa Araw na Kanyang nilikha ang mga kalangitan at kalupaan; kabilang dito ang apat na sagrado ([banal], alalaong baga, ang una, ang pampito, ang panglabing-isa at panlabingdalawang buwan ng kalendaryong Islamiko). Ito ang tunay na pananampalataya, kaya't huwag ninyong ipalungi ang inyong sarili rito, at makipaglaban kayo laban sa *Mushrikun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah) nang sama-sama, kung paano rin sila ay nakikipaglaban sa inyo nang sama-sama. Datapuwa't inyong maalaman na si Allah ay kasama (Tagapagtangkilik) ng *Mutaqqun* (mga matimtiman at matutuwid na mananampalataya).

إِنَّمَا النَّسِيءُ زِيَادَةٌ فِي الْكُفْرِ ۖ يُضَلُّ بِهِ الَّذِينَ كَفَرُوا يُحِلُّونَهُ عَامًا وَيُحَرِّمُونَهُ عَامًا لِّيُوَاطِئُوا عِدَّةَ مَا حَرَّمَ اللَّهُ فَيُحِلُّوا مَا حَرَّمَ اللَّهُ ۚ زُيِّنَ لَهُمْ سُوءُ أَعْمَالِهِمْ ۚ وَاللَّهُ لَا يَهْدِي الْقَوْمَ الْكَافِرِينَ ﴿٣٧﴾

37. Katotohanan, ang pagpapaliban (o ang paghihigpit sa mga banal na buwan) ay isang karagdagan sa kawalan ng pananalig; na sa pamamagitan nito, yaong mga hindi nanampalataya ay (lalo pang) humantong sa pagkaligaw. (Sapagkat) ginawa nila itong pinahihintulutan (o marapat) sa isang taon at hindi pinahihintulutan (o hindi marapat) sa ibang taon upang ito ay bumagay sa bilang (ng mga buwan) na ginawang hindi pinahihintulutan ni Allah, at (sa gayon) ay maging pinahihintulutan ang ginawa ni Allah na hindi pinahihintulutan. Ang kasamaan ng kanilang mga gawa ay nagiging kalugud-lugod sa kanila. At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga *Kafir* (walang pananampalataya).

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مَا لَكُمْ إِذَا قِيلَ لَكُمُ ٱنفِرُوا۟ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ ٱثَّاقَلْتُمْ إِلَى ٱلْأَرْضِ ۚ أَرَضِيتُم بِٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا مِنَ ٱلْءَاخِرَةِ ۚ فَمَا مَتَٰعُ ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا فِى ٱلْءَاخِرَةِ إِلَّا قَلِيلٌ ﴿٣٨﴾

38. O kayong nagsisisampalataya! Ano ang nangyayari sa inyo, na nang kayo ay pagsabihan na pumaroon sa Kapakanan ni Allah (alalaong baga, sa *Jihad* [ang banal na pakikipaglaban para kay Allah]), kayo ay mahigpit na kumakapit sa kalupaan? Kayo baga ay nalulugod sa buhay na ito kaysa sa Kabilang Buhay? Datapuwa't kakaunti lamang ang kasiyahan ng buhay sa mundong ito kung ihahalintulad sa Kabilang Buhay.

إِلَّا تَنفِرُوا۟ يُعَذِّبْكُمْ عَذَابًا أَلِيمًا وَيَسْتَبْدِلْ قَوْمًا غَيْرَكُمْ وَلَا تَضُرُّوهُ شَيْـًٔا ۗ وَٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿٣٩﴾

39. Kung kayo ay hindi paparoon, Siya ay magpaparusa sa inyo ng isang kasakit-sakit na kaparusahan at Kanyang papalitan kayo ng ibang tao, at Siya ay hindi ninyo mabibigyan ng anupamang kapinsalaan, at si Allah ay makagagawa ng lahat ng bagay.

إِلَّا تَنصُرُوهُ فَقَدْ نَصَرَهُ ٱللَّهُ إِذْ أَخْرَجَهُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ ثَانِىَ ٱثْنَيْنِ إِذْ هُمَا فِى ٱلْغَارِ إِذْ يَقُولُ لِصَٰحِبِهِۦ لَا تَحْزَنْ إِنَّ ٱللَّهَ مَعَنَا ۖ فَأَنزَلَ ٱللَّهُ سَكِينَتَهُۥ عَلَيْهِ وَأَيَّدَهُۥ بِجُنُودٍ لَّمْ تَرَوْهَا وَجَعَلَ كَلِمَةَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ ٱلسُّفْلَىٰ ۗ وَكَلِمَةُ ٱللَّهِ هِىَ ٱلْعُلْيَا ۗ وَٱللَّهُ عَزِيزٌ حَكِيمٌ ﴿٤٠﴾

40. Kung siya (Muhammad) ay hindi ninyo tutulungan (ito ay hindi mahalaga), sapagkat katotohanang siya ay tinulungan ni Allah nang ang mga hindi sumasampalataya ay nagtaboy sa kanya sa labas; ang pangalawa sa dalawa, nang sila (Muhammad at Abu Bakr) ay nasa loob ng yungib at kanyang (Muhammad) sinabi sa kanyang kasama (Abu Bakr): "Huwag kang malumbay (o mangamba), katotohanang si Allah ay kasama (Tagapagtangkilik) natin." At ipinanaog ni Allah ang Kanyang *Sakinah* (kapanatagan, kahinahunan, kapayapaan, katiwasayan.) sa kanya, at Kanyang tinulungan siya sa puwersa (ng mga anghel) na hindi ninyo nakikita, at ginawa (Niya) ang salita ng mga hindi nananampalataya na pinakamababa (walang halaga), datapuwa't ang Salita ni Allah ang higit na naging mataas (tampok), at si Allah ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

ٱنفِرُوا۟ خِفَافًا وَثِقَالًا وَجَٰهِدُوا۟ بِأَمْوَٰلِكُمْ وَأَنفُسِكُمْ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ ۚ ذَٰلِكُمْ خَيْرٌ لَّكُمْ إِن كُنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿٤١﴾

41. Magsihayo kayo, kahima't kayo ay magaan (alalaong baga, malusog, bata, mayaman, maginhawa, atbp.) o may kabigatan (alalaong baga, maysakit, matanda, mahirap, hindi madali, atbp.), kayo ay makipaglaban sa Kapakanan ni Allah sa pamamagitan ng inyong

kayamanan at inyong sarili. Ito ay higit na mainam sa inyo kung inyo lamang nalalaman.

لَوْ كَانَ عَرَضًا قَرِيبًا وَسَفَرًا قَاصِدًا لَّاتَّبَعُوكَ وَلَٰكِنْ بَعُدَتْ عَلَيْهِمُ الشُّقَّةُ ۚ وَسَيَحْلِفُونَ بِاللَّهِ لَوِ اسْتَطَعْنَا لَخَرَجْنَا مَعَكُمْ يُهْلِكُونَ أَنفُسَهُمْ وَاللَّهُ يَعْلَمُ إِنَّهُمْ لَكَاذِبُونَ ﴿٤٢﴾

42. Kung ito ay isa lamang dagliang pakinabang (labing-yaman na nasa kanilang harapan) at isang maginhawang paglalakbay, sila ay susunod sa inyo, subalit ang layo (ng paglalakbay sa Tabuk) ay mahaba (malayo) sa kanila, at sila ay nanunumpa (sa Ngalan) ni Allah, "Kung kaya lamang namin, katiyakang kami ay sumama na sa inyo." Sila ang nagwasak sa kanilang sarili at nababatid ni Allah na sila ay mga sinungaling.

عَفَا اللَّهُ عَنكَ لِمَ أَذِنتَ لَهُمْ حَتَّىٰ يَتَبَيَّنَ لَكَ الَّذِينَ صَدَقُوا وَتَعْلَمَ الْكَاذِبِينَ ﴿٤٣﴾

43. Nawa'y patawarin ka (O Muhammad) ni Allah. Bakit sila ay iyong pinayagan (na manatili at maiwan, sana'y ipinagpilitan mo ang tungkol sa iyong ipinag-uutos na sila ay tumungo sa *Jihad* [banal na pakikipaglaban para kay Allah]), hangga't hindi naging malinaw sa iyo kung sino ang mga nagsasabi ng katotohanan at iyong maalaman (kung sino) ang mga sinungaling?

لَا يَسْتَأْذِنُكَ الَّذِينَ يُؤْمِنُونَ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ أَن يُجَاهِدُوا بِأَمْوَالِهِمْ وَأَنفُسِهِمْ ۗ وَاللَّهُ عَلِيمٌ بِالْمُتَّقِينَ ﴿٤٤﴾

44. Sila na sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw ay hindi hihingi ng iyong pahintulot upang sumama sa pakikipaglaban (sa *Jihad*), sa pamamagitan ng kanilang ari-arian at kanilang buhay; at si Allah ang Ganap na Nakakaalam ng *Muttaqun* (mga matimtiman at matutuwid na mananampalataya).

إِنَّمَا يَسْتَأْذِنُكَ الَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ وَارْتَابَتْ قُلُوبُهُمْ فَهُمْ فِي رَيْبِهِمْ يَتَرَدَّدُونَ ﴿٤٥﴾

45. Sila lamang na mga hindi sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw, (at sila) na ang puso ay nag-alinlangan, (ang hihingi ng iyong pahintulot upang hindi makabilang sa *Jihad* [banal na pakikipaglaban para kay Allah]). At sila sa kanilang pag-aalinlangan ay nag-aatubili.

وَلَوْ أَرَادُوا الْخُرُوجَ لَأَعَدُّوا لَهُ عُدَّةً وَلَٰكِن كَرِهَ اللَّهُ انبِعَاثَهُمْ فَثَبَّطَهُمْ وَقِيلَ اقْعُدُوا مَعَ الْقَاعِدِينَ ﴿٤٦﴾

46. At kung sila ay (tunay) na nagnanais na sumama (sa labanan), katiyakang sila ay gagawa ng ilang paghahanda para rito, datapuwa't si Allah ay tutol na sila ay isugod, kaya't Kanyang ginawa na maiwan sila, at ito ang winika (sa kanila): "Maupo kayo na kasama ang mga nakaupo (sa kanilang tahanan)."

لَوْ خَرَجُوا فِيكُم مَّا زَادُوكُمْ إِلَّا خَبَالًا

47. At kung sila (man) ay nagsihayo (patungo

sa labanan) na kasama ninyo, sila ay walang maidadagdag sa inyo liban lamang sa kaguluhan, at sila ay nagsisipagmadali sa gitna ninyo (sa pagkakalat ng kabuktutan), at nagtatanim ng panunulsol laban sa isa't isa sa inyo, at mayroon sa inyong lipon ang mangyayaring makinig sa kanila. At si Allah ang Ganap na Nakakaalam sa *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian, tampalasan, buktot).

وَلَأَوْضَعُوا۟ خِلَٰلَكُمْ يَبْغُونَكُمُ ٱلْفِتْنَةَ وَفِيكُمْ سَمَّٰعُونَ لَهُمْ ۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌۢ بِٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٤٧﴾

48. Katotohanang sila ay nagbalak ng panunulsol (laban sa isa't isa) noon pa man, at nagpalala ng mga pangyayari para sa inyo, - hanggang ang katotohanan ay dumatal at ang Kautusan ni Allah (alalaong baga, ang tagumpay) ay lumitaw habang ito ay kanilang inaayawan.

لَقَدِ ٱبْتَغَوُا۟ ٱلْفِتْنَةَ مِن قَبْلُ وَقَلَّبُوا۟ لَكَ ٱلْأُمُورَ حَتَّىٰ جَآءَ ٱلْحَقُّ وَظَهَرَ أَمْرُ ٱللَّهِ وَهُمْ كَٰرِهُونَ ﴿٤٨﴾

49. At sa lipon nila (mga *Munafik*) ay mayroong nagsasabi: "Ako ay iyong payagan (na manatili sa aking tahanan; alalaong baga, na huwag mapabilang sa *Jihad* [banal na pakikipaglaban para kay Allah]), at ako ay huwag mong ilagay sa pagsubok." Walang alinlangan na sila ay nahulog sa pagsubok. At katotohanang Impiyerno ang papaligid sa mga hindi sumasampalataya.

وَمِنْهُم مَّن يَقُولُ ٱئْذَن لِّى وَلَا تَفْتِنِّىٓ ۚ أَلَا فِى ٱلْفِتْنَةِ سَقَطُوا۟ ۗ وَإِنَّ جَهَنَّمَ لَمُحِيطَةٌۢ بِٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٤٩﴾

50. Kung ang magandang bagay ay dumatal sa iyo (O Muhammad), ito ay nakapagpapalumbay sa kanila, datapuwa't kung kapinsalaan ang sumapit sa iyo, sila ay nagsasabi: "Kami ay gumawa rito noon pa man ng pag-iingat," at sila ay tumatalikod na nagagalak.

إِن تُصِبْكَ حَسَنَةٌ تَسُؤْهُمْ ۖ وَإِن تُصِبْكَ مُصِيبَةٌ يَقُولُوا۟ قَدْ أَخَذْنَآ أَمْرَنَا مِن قَبْلُ وَيَتَوَلَّوا۟ وَّهُمْ فَرِحُونَ ﴿٥٠﴾

51. Ipagbadya: "Kahit kailan, walang anuman ang mangyayari sa amin maliban lamang sa itinadhana sa amin ni Allah. Siya ang aming *Maula* (Panginoon, Tagapagtangkilik at Tagapangalaga)." At kay Allah, hayaan ang mga sumasampalataya ay magtiwala.

قُل لَّن يُصِيبَنَآ إِلَّا مَا كَتَبَ ٱللَّهُ لَنَا ۚ هُوَ مَوْلَىٰنَا ۚ وَعَلَى ٱللَّهِ فَلْيَتَوَكَّلِ ٱلْمُؤْمِنُونَ ﴿٥١﴾

52. Ipagbadya: "Kayo ba ay naghihintay sa amin (sa anumang bagay) maliban sa isa sa dalawang pinakamainam na bagay (ang pagiging martir o tagumpay); at kami ay naghihintay sa

قُلْ هَلْ تَرَبَّصُونَ بِنَآ إِلَّآ إِحْدَى ٱلْحُسْنَيَيْنِ ۖ وَنَحْنُ نَتَرَبَّصُ بِكُمْ أَن يُصِيبَكُمُ ٱللَّهُ بِعَذَابٍ مِّنْ عِندِهِۦٓ

أَوْ بِأَيْدِينَا ۖ فَتَرَبَّصُوٓا۟ إِنَّا مَعَكُم مُّتَرَبِّصُونَ ﴿٥٢﴾

inyo, na si Allah ay maggagawad sa inyo ng kaparusahan mula sa Kanyang Sarili (o ng kaparusahan) mula sa aming mga kamay. Kaya't magsipag-antabay kayo, kami ay nag-aantabay sa inyo."

قُلْ أَنفِقُوا۟ طَوْعًا أَوْ كَرْهًا لَّن يُتَقَبَّلَ مِنكُمْ ۖ إِنَّكُمْ كُنتُمْ قَوْمًا فَٰسِقِينَ ﴿٥٣﴾

53. Ipagbadya: "Gumugol man kayo ng may pagkukusa o ng walang pagkukusa, ito ay hindi tatanggapin (ni Allah) mula sa inyo. Katotohanang kayo ay mga tao na lagi nang *Fasiqun* (mga mapaghimagsik, palasuway kay Allah)."

وَمَا مَنَعَهُمْ أَن تُقْبَلَ مِنْهُمْ نَفَقَٰتُهُمْ إِلَّآ أَنَّهُمْ كَفَرُوا۟ بِٱللَّهِ وَبِرَسُولِهِۦ وَلَا يَأْتُونَ ٱلصَّلَوٰةَ إِلَّا وَهُمْ كُسَالَىٰ وَلَا يُنفِقُونَ إِلَّا وَهُمْ كَٰرِهُونَ ﴿٥٤﴾

54. At ano ang humahadlang sa kanilang gastusin (tulong) na maging katanggap-tanggap mula sa kanila, maliban lamang na sila (mga *Munafik*) ay hindi sumampalataya kay Allah at sa Kanyang Sugo (Muhammad); at sila ay hindi pumaparoon sa pagdarasal maliban sa kalagayan ng pagiging tamad; at sila ay hindi gumugugol (nagbibigay ng kanilang tulong) maliban lamang na sila ay may pagtutol (sa kanilang kalooban).

فَلَا تُعْجِبْكَ أَمْوَٰلُهُمْ وَلَآ أَوْلَٰدُهُمْ ۚ إِنَّمَا يُرِيدُ ٱللَّهُ لِيُعَذِّبَهُم بِهَا فِى ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا وَتَزْهَقَ أَنفُسُهُمْ وَهُمْ كَٰفِرُونَ ﴿٥٥﴾

55. Kaya't huwag hayaan ang kanilang kayamanan o mga anak ay makintal sa iyong isipan (O Muhammad). Si Allah ay nagnanais lamang na sila ay parusahan sa pamamagitan nito (alalaong baga, ang kanilang kayamanan o mga anak) sa buhay sa mundong ito, at ang kanilang kaluluwa ay lumisan (sa kanilang kamatayan) samantalang sila ay mga hindi nananampalataya.

وَيَحْلِفُونَ بِٱللَّهِ إِنَّهُمْ لَمِنكُمْ وَمَا هُم مِّنكُمْ وَلَٰكِنَّهُمْ قَوْمٌ يَفْرَقُونَ ﴿٥٦﴾

56. Sila ay nanunumpa kay Allah na katotohanang sila ay kapanalig ninyo, samantalang sila ay hindi mula sa lipon ninyo, nguni't sila ay mga tao (na mapagkunwari) na natatakot (na sila ay inyong mapatay).

لَوْ يَجِدُونَ مَلْجَـًٔا أَوْ مَغَٰرَٰتٍ أَوْ مُدَّخَلًا لَّوَلَّوْا۟ إِلَيْهِ وَهُمْ يَجْمَحُونَ ﴿٥٧﴾

57. At kung sila ay makakatagpo ng isang silungan, o mga yungib, o anumang lugar na mapapasukan (bilang kanlungan), sila ay patutungo roon na nagmamadali.

وَمِنْهُم مَّن يَلْمِزُكَ فِى ٱلصَّدَقَٰتِ فَإِنْ أُعْطُوا۟ مِنْهَا رَضُوا۟ وَإِن لَّمْ يُعْطَوْا۟ مِنْهَآ إِذَا هُمْ

58. At ang ilan sa kanila ay pumupuna sa iyo (O Muhammad) tungkol (sa pagbabaha-bahagi) ng mga limos (*Sadaqah* [kawanggawa]). Kung

sila ay nabigyan ng bahagi nito, sila ay nalulugod, subalit kung sila ay hindi nabigyan nito, inyong pagmalasin, sila ay sumisiklab sa galit!

يَسْخَطُونَ ﴿٥٨﴾

59. Kung sila lamang ay nagkaroon ng kasiyahan sa mga bagay na ipinagkaloob sa kanila ni Allah at ng Kanyang Sugo, at sila ay nangusap: "Si Allah ay Sapat na sa amin. Si Allah ay magkakaloob sa amin ng Kanyang Kasaganaan, at (gayundin) ang Kanyang Sugo (ng mga limos o tulong). Katiyakang kami ay naghahangad kay Allah (na pagkalooban (Niya) kami ng Kanyang biyaya at kasaganaan."

وَلَوْ أَنَّهُمْ رَضُوا۟ مَآ ءَاتَىٰهُمُ ٱللَّهُ وَرَسُولُهُۥ وَقَالُوا۟ حَسْبُنَا ٱللَّهُ سَيُؤْتِينَا ٱللَّهُ مِن فَضْلِهِۦ وَرَسُولُهُۥٓ إِنَّآ إِلَى ٱللَّهِ رَٰغِبُونَ ﴿٥٩﴾

60. Katotohanang ang *As-Sadaqah* (alalaong baga, ang *Zakah* o katungkulang kawanggawa) ay para lamang sa *Fuqara* (mga mahihirap), at sa *Masakin* (mga nangangailangan), at sa mga nagtatrabaho upang mangalap at mamahagi nito (ang *Zakah*); at sila na ang puso ay marapat na masuwato (wala nang pagtutol; ang mga bagong yumakap sa Islam); at sa pagpapalaya ng mga bihag (o alipin); at sa mga may pagkakautang; at para sa Kapakanan ni Allah (alalaong baga, para sa *Mujahidun*, sila na nakikipaglaban sa banal na digmaan), at sa mga (nababalam na) naglalakbay (na kinapos ng panggastos at walang ibang mahihingan ng tulong); (ito'y) isang katungkulan na itinalaga ni Allah. At si Allah ang Pinakamaalam, ang Tigib ng Karunungan.

۞ إِنَّمَا ٱلصَّدَقَٰتُ لِلْفُقَرَآءِ وَٱلْمَسَٰكِينِ وَٱلْعَٰمِلِينَ عَلَيْهَا وَٱلْمُؤَلَّفَةِ قُلُوبُهُمْ وَفِى ٱلرِّقَابِ وَٱلْغَٰرِمِينَ وَفِى سَبِيلِ ٱللَّهِ وَٱبْنِ ٱلسَّبِيلِ ۖ فَرِيضَةً مِّنَ ٱللَّهِ ۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ ﴿٦٠﴾

61. At sa lipon nila (mga *Munafik* [mapagkunwari]) ay may mga tao na nananakit sa Propeta (Muhammad) at nagsasabi: "Siya ay nakikinig (sa lahat ng mga balita)." Ipagbadya: "Siya (Muhammad) ay isang tainga ng kabutihan para sa inyo (alalaong baga, siya ay naniniwala sa lahat ng kanyang napapakinggan) na sumasampalataya kay Allah at mayroong paniniwala sa mga sumasampalataya, at isang Habag sa kanila na naniniwala sa lipon ninyo." Ngunit sila na nananakit sa Sugo ni Allah ay magkakaroon ng kasakit-sakit na kaparusahan.

وَمِنْهُمُ ٱلَّذِينَ يُؤْذُونَ ٱلنَّبِىَّ وَيَقُولُونَ هُوَ أُذُنٌ ۚ قُلْ أُذُنُ خَيْرٍ لَّكُمْ يُؤْمِنُ بِٱللَّهِ وَيُؤْمِنُ لِلْمُؤْمِنِينَ وَرَحْمَةٌ لِّلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مِنكُمْ ۚ وَٱلَّذِينَ يُؤْذُونَ رَسُولَ ٱللَّهِ لَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٦١﴾

62. Sila ay nanunumpa (sa Ngalan) ni Allah sa

يَحْلِفُونَ بِٱللَّهِ لَكُمْ لِيُرْضُوكُمْ وَٱللَّهُ

وَرَسُولُهُۥٓ أَحَقُّ أَن يُرْضُوهُ إِن كَانُوا۟ مُؤْمِنِينَ ﴿٦٢﴾

inyo (na mga Muslim) upang kayo ay malugod (sa kanila), datapuwa't higit na katampatan na kanilang bigyang-lugod si Allah at ang Kanyang Sugo (Muhammad) kung sila ay nananampalataya.

أَلَمْ يَعْلَمُوٓا۟ أَنَّهُۥ مَن يُحَادِدِ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ فَأَنَّ لَهُۥ نَارَ جَهَنَّمَ خَٰلِدًا فِيهَا ۚ ذَٰلِكَ ٱلْخِزْىُ ٱلْعَظِيمُ ﴿٦٣﴾

63. Hindi baga nila nababatid na kung sinuman ang tumutol at magpakita ng pagkapoot kay Allah at sa Kanyang Sugo, katiyakang sasakanya ang Apoy ng Impiyerno upang (siya) ay manahan dito. Ito ang sukdulang pagkaaba.

يَحْذَرُ ٱلْمُنَٰفِقُونَ أَن تُنَزَّلَ عَلَيْهِمْ سُورَةٌ تُنَبِّئُهُم بِمَا فِى قُلُوبِهِمْ ۚ قُلِ ٱسْتَهْزِءُوٓا۟ إِنَّ ٱللَّهَ مُخْرِجٌ مَّا تَحْذَرُونَ ﴿٦٤﴾

64. Ang mga mapagkunwari (*Munafik*) ay nangangamba na baka ang isang *Surah* (kabanata ng Qur'an) ay mahayag na patungkol sa kanila, na nagtatambad sa kanila kung ano ang nasa kanilang puso (ang panunuya at kawalan ng pananampalataya). Ipagbadya: "Mangutya kayo (sa inyong nais)! Katiyakang si Allah ay magbubunyag ng lahat ninyong pinangangambahan."

وَلَئِن سَأَلْتَهُمْ لَيَقُولُنَّ إِنَّمَا كُنَّا نَخُوضُ وَنَلْعَبُ ۚ قُلْ أَبِٱللَّهِ وَءَايَٰتِهِۦ وَرَسُولِهِۦ كُنتُمْ تَسْتَهْزِءُونَ ﴿٦٥﴾

65. At kung sila ay tatanungin mo (hinggil dito), sila ay magsasabi: "Kami ay nag-uusap lamang ng walang katuturan at nagbibiro." Ipagbadya: "Si Allah ba at ang Kanyang *Ayat* (mga talata at kapahayagan) at ang Kanyang Sugo ay inyong kinukutya?"

لَا تَعْتَذِرُوا۟ قَدْ كَفَرْتُم بَعْدَ إِيمَٰنِكُمْ ۚ إِن نَّعْفُ عَن طَآئِفَةٍ مِّنكُمْ نُعَذِّبْ طَآئِفَةًۢ بِأَنَّهُمْ كَانُوا۟ مُجْرِمِينَ ﴿٦٦﴾

66. Huwag kayong gumawa ng dahilan; kayo ay naging *Kafir* (nawalan ng pananampalataya dahilan sa inyong panunuya) matapos na kayo ay manampalataya. Kung Aming patawarin ang iba sa inyo (na humingi ng kapatawaran sa Amin at nagsisi sa kanilang ginawa), Aming parurusahan ang iba sa lipon ninyo sapagkat sila ay *Mujrimun* (makasalanan at kriminal).

ٱلْمُنَٰفِقُونَ وَٱلْمُنَٰفِقَٰتُ بَعْضُهُم مِّنۢ بَعْضٍ ۘ يَأْمُرُونَ بِٱلْمُنكَرِ وَيَنْهَوْنَ عَنِ ٱلْمَعْرُوفِ وَيَقْبِضُونَ أَيْدِيَهُمْ ۚ نَسُوا۟ ٱللَّهَ فَنَسِيَهُمْ ۚ إِنَّ ٱلْمُنَٰفِقِينَ هُمُ ٱلْفَٰسِقُونَ ﴿٦٧﴾

67. Ang mga lalaking mapagkunwari at ang mga babaeng mapagkunwari ay magkatulad na uri (magkatukayo), sila ay nanghihikayat (sa mga tao) ng *Al-Munkar* (kawalan ng pananalig at paglabag sa lahat ng mga ipinagbabawal sa Islam) at nagbabawal (sa mga tao) tungo sa *Al-Ma'ruf* (paniniwala sa Kaisahan ni Allah at pagsunod sa lahat ng mga ipinag-uutos sa Islam), at itinitikom nila ang kanilang mga

kamay (para sa pagbibigay at paggugol sa Kapakanan ni Allah). Kanilang nakalimutan si Allah, kaya't sila rin ay kinalimutan Niya. Katotohanan, ang mga *Munafiq* (mapagkunwari) ay *Fasiqun* (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah).

وَعَدَ ٱللَّهُ ٱلْمُنَٰفِقِينَ وَٱلْمُنَٰفِقَٰتِ وَٱلْكُفَّارَ نَارَ جَهَنَّمَ خَٰلِدِينَ فِيهَا ۚ هِىَ حَسْبُهُمْ ۚ وَلَعَنَهُمُ ٱللَّهُ ۖ وَلَهُمْ عَذَابٌ مُّقِيمٌ ﴿٦٨﴾

68. Si Allah ay nangako sa mga lalaking mapagkunwari at sa mga babaeng mapagkunwari, at sa mga hindi sumasampalataya ng Apoy ng Impiyerno, at dito sila ay mananatili magpakailanman. Ito ay sapat na sa kanila. Sila ay isinumpa ni Allah at sa kanila ang walang hanggang kaparusahan.

كَٱلَّذِينَ مِن قَبْلِكُمْ كَانُوٓا۟ أَشَدَّ مِنكُمْ قُوَّةً وَأَكْثَرَ أَمْوَٰلًا وَأَوْلَٰدًا فَٱسْتَمْتَعُوا۟ بِخَلَٰقِهِمْ فَٱسْتَمْتَعْتُم بِخَلَٰقِكُمْ كَمَا ٱسْتَمْتَعَ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِكُم بِخَلَٰقِهِمْ وَخُضْتُمْ كَٱلَّذِى خَاضُوٓا۟ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ حَبِطَتْ أَعْمَٰلُهُمْ فِى ٱلدُّنْيَا وَٱلْءَاخِرَةِ ۖ وَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْخَٰسِرُونَ ﴿٦٩﴾

69. Katulad ng mga nangauna sa inyo (O mga mapagkunwari), na sila ay higit na malakas sa kapangyarihan at higit na sagana sa kayamanan at mga anak kaysa sa inyo. Sila ay pansamantalang nagsaya sa kanilang bahagi, kaya't pansamantala kayong magpakasaya sa inyong bahagi (ng makamundong kasiyahan), na katulad din naman ng mga nangauna sa inyo na pansamantalang nagpakasaya sa kanilang bahagi (ng makamundong kasiyahan), at kayo ay nalulong sa paglalaro at pagpapalipas ng oras (sa pagsasabi ng kasinungalingan laban kay Allah at sa Kanyang Sugo na si Muhammad), na katulad din naman kung gaano sila nalulong sa paglalaro at pagpapalipas-oras. Sila yaong ang mga gawa ay nawalan ng katuturan sa mundong ito at sa Kabilang Buhay. Sila ang mga talunan.

أَلَمْ يَأْتِهِمْ نَبَؤُا۟ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ قَوْمِ نُوحٍ وَعَادٍ وَثَمُودَ وَقَوْمِ إِبْرَٰهِيمَ وَأَصْحَٰبِ مَدْيَنَ وَٱلْمُؤْتَفِكَٰتِ ۚ أَتَتْهُمْ رُسُلُهُم بِٱلْبَيِّنَٰتِ ۖ فَمَا كَانَ ٱللَّهُ لِيَظْلِمَهُمْ وَلَٰكِن كَانُوٓا۟ أَنفُسَهُمْ يَظْلِمُونَ ﴿٧٠﴾

70. Hindi baga nakarating sa kanila ang balita niyaong mga nangauna sa kanila? – Ang mga pamayanan ni Noah at (mga tribu) nina A'ad at Thamud; ang pamayanan ni Abraham at ang mga nagsisipanirahan sa Madyan (Midian) at ang mga bayan na winasak (alalaong baga, ang pamayanan ni Propeta Lut na nagtamo sa kanilang sarili ng kaparusahan ni Allah). Ang kanilang mga Sugo ay dumatal sa kanila na may Maliwanag na Katibayan (ngunit kanilang itinakwil ang mga Sugo). Kaya't (sila ay sinakmal ng kaparusahan), at hindi si Allah ang

nagpalungi sa kanila, datapuwa't sila ang nagpalungi sa kanilang sarili.

وَٱلْمُؤْمِنُونَ وَٱلْمُؤْمِنَٰتُ بَعْضُهُمْ أَوْلِيَآءُ بَعْضٍ ۚ يَأْمُرُونَ بِٱلْمَعْرُوفِ وَيَنْهَوْنَ عَنِ ٱلْمُنكَرِ وَيُقِيمُونَ ٱلصَّلَوٰةَ وَيُؤْتُونَ ٱلزَّكَوٰةَ وَيُطِيعُونَ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥٓ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ سَيَرْحَمُهُمُ ٱللَّهُ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ عَزِيزٌ حَكِيمٌ ﴿٧١﴾

71. Ang mga lalaking sumasampalataya at mga babaeng sumasampalataya ay mga *Auliya* (tagapagtangkilik, kapanalig, kaibigan, tagapangalaga) sa isa't isa, sila ay nagtatagubilin (sa mga tao) ng *Al-Ma'ruf* (paniniwala sa Kaisahan ni Allah at pagsunod sa lahat ng mga ipinag-uutos sa Islam) at nagbabawal sa *Al Munkar* (kawalan ng pananalig at paglabag sa lahat ng mga ipinagbabawal sa Islam); sila ay nag-aalay ng kanilang *Salah* (takdang pagdarasal) nang mahinusay; at nagbibigay ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa) at sumusunod kay Allah at sa Kanyang Sugo. Si Allah ay magkakaloob ng Kanyang Habag sa kanila. Katotohanang si Allah ay Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

وَعَدَ ٱللَّهُ ٱلْمُؤْمِنِينَ وَٱلْمُؤْمِنَٰتِ جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَا وَمَسَٰكِنَ طَيِّبَةً فِى جَنَّٰتِ عَدْنٍ ۚ وَرِضْوَٰنٌ مِّنَ ٱللَّهِ أَكْبَرُ ۚ ذَٰلِكَ هُوَ ٱلْفَوْزُ ٱلْعَظِيمُ ﴿٧٢﴾

72. Si Allah ay nangako sa mga lalaking sumasampalataya at mga babaeng sumasampalataya ng mga Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy upang manahan dito magpakailanman, at magagandang mansiyon sa Paraiso ng Aden. Datapuwa't ang pinakadakilang kaligayahan ay ang Mainam na Pagkalugod ni Allah, ito ang pinakamatayog na tagumpay.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّبِىُّ جَٰهِدِ ٱلْكُفَّارَ وَٱلْمُنَٰفِقِينَ وَٱغْلُظْ عَلَيْهِمْ ۚ وَمَأْوَىٰهُمْ جَهَنَّمُ ۖ وَبِئْسَ ٱلْمَصِيرُ ﴿٧٣﴾

73. O Propeta (Muhammad)! Makipaglaban ka sa mga hindi sumasampalataya at sa mga *Munafik* (mapagkunwari), at maging mabalasik laban sa kanila, at ang kanilang hantungan ay Impiyerno, - at tunay namang pagkasama-sama ang gayong hantungan.

يَحْلِفُونَ بِٱللَّهِ مَا قَالُوا۟ وَلَقَدْ قَالُوا۟ كَلِمَةَ ٱلْكُفْرِ وَكَفَرُوا۟ بَعْدَ إِسْلَٰمِهِمْ وَهَمُّوا۟ بِمَا لَمْ يَنَالُوا۟ ۚ وَمَا نَقَمُوٓا۟ إِلَّآ أَنْ أَغْنَىٰهُمُ ٱللَّهُ وَرَسُولُهُۥ مِن فَضْلِهِۦ ۚ فَإِن يَتُوبُوا۟ يَكُ خَيْرًا لَّهُمْ ۖ وَإِن يَتَوَلَّوْا۟ يُعَذِّبْهُمُ ٱللَّهُ عَذَابًا أَلِيمًا فِى ٱلدُّنْيَا وَٱلْءَاخِرَةِ ۚ وَمَا لَهُمْ فِى ٱلْأَرْضِ مِن

74. Sila (mga *Munafik*) ay nanunumpa (sa Ngalan) ni Allah na sila ay hindi nagsabi ng anuman (na pananakit at pangungutya laban kay Propeta Muhammad), datapuwa't katotohanang sila ay nagsabi ng salita ng kawalan ng pananampalataya, at sila ay (muling nagbalik) sa kawalan ng pananampalataya matapos na sila ay yumakap sa Islam, at sila ay nagpasya (sa pakana na patayin si Propeta

Muhammad) na hindi nila naisakatuparan, at sila ay hindi makahanap ng anumang dahilan upang gawin yaon, maliban na si Allah at ang Kanyang Sugo ay payamanin sila mula sa Kanyang Kasaganaan. Kung sila ay magtika (magbalik-loob kay Allah), ito ay higit na mainam para sa kanila, datapuwa't kung sila ay magsitalikod, si Allah ay magpaparusa sa kanila ng kasakit-sakit na kaparusahan sa buhay sa mundong ito at sa Kabilang Buhay. At walang sinuman para sa kanila sa mundong ito ang kanilang magiging *Wali* (tagapagtaguyod at tagapangalaga) at tagapagtangkilik.

وَلِيٍّ وَلَا نَصِيرٍ ﴿٧٤﴾

75. At ang ilan sa kanila (ang mahihirap sa mga *Munafik* [mapagkunwari]) ay gumawa ng kasunduan kay Allah (na nagsasabi): "Kung ipinagkaloob Niya sa amin ang Kanyang Kasaganaan, katotohanang kami ay magbibigay ng *Sadaqah* (*Zakah* at kusang-loob na kawanggawa tungo sa Kapakanan ni Allah), at katiyakang kami ay mapapabilang sa lipon ng mga matutuwid."

۞ وَمِنْهُم مَّنْ عَٰهَدَ ٱللَّهَ لَئِنْ ءَاتَىٰنَا مِن فَضْلِهِۦ لَنَصَّدَّقَنَّ وَلَنَكُونَنَّ مِنَ ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿٧٥﴾

76. At nang sila ay gawaran Niya ng Kanyang Kasaganaan, sila ay naging lubhang maramot (tumanggi na magbigay ng *Sadaqah* [*Zakah* at kusang loob na kawanggawa]) at tumalikod na tumututol.

فَلَمَّآ ءَاتَىٰهُم مِّن فَضْلِهِۦ بَخِلُوا۟ بِهِۦ وَتَوَلَّوا۟ وَّهُم مُّعْرِضُونَ ﴿٧٦﴾

77. Kaya't Kanyang pinarusahan sila sa pamamagitan nang paglalagay ng pagkukunwari sa kanilang puso hanggang sa Araw na Siya ay kanilang kakaharapin, sapagkat sinira nila ang gayong (kasunduan kay Allah) na kanilang ipinangako sa Kanya, at sapagkat sila ay nahirati sa pagsasabi ng kabulaanan.

فَأَعْقَبَهُمْ نِفَاقًا فِى قُلُوبِهِمْ إِلَىٰ يَوْمِ يَلْقَوْنَهُۥ بِمَآ أَخْلَفُوا۟ ٱللَّهَ مَا وَعَدُوهُ وَبِمَا كَانُوا۟ يَكْذِبُونَ ﴿٧٧﴾

78. Hindi baga nila nalalaman na nababatid ni Allah ang kanilang inililihim (ikinukubli) sa kanilang sarili at ang kanilang *Najwa* (lihim na pagsasanggunian), at katiyakang si Allah ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ng nalilingid.

أَلَمْ يَعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ يَعْلَمُ سِرَّهُمْ وَنَجْوَىٰهُمْ وَأَنَّ ٱللَّهَ عَلَّٰمُ ٱلْغُيُوبِ ﴿٧٨﴾

79. Sila na (mga *Munafik* [mapagkunwari]) na umuupasala (pumupuna) sa mga nagbibigay (ng may kusang-loob sa Kapakanan ni Allah) mula

ٱلَّذِينَ يَلْمِزُونَ ٱلْمُطَّوِّعِينَ مِنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ فِى ٱلصَّدَقَٰتِ وَٱلَّذِينَ

sa lipon ng mga sumasampalataya tungkol sa (kanilang) mga kawanggawa, at pumupuna sa kanila na hindi makahanap ng anuman (upang gugulin sa kawanggawa sa Kapakanan ni Allah) maliban lamang sa kanilang sariling pagpupunyagi; kaya't sila ay kanilang tinutuya (mga nananampalataya); si Allah ang manunuya sa kanila at sila ay magtatamo ng kasakit-sakit na kaparusahan.

لَا يَجِدُونَ إِلَّا جُهْدَهُمْ فَيَسْخَرُونَ مِنْهُمْ ۙ سَخِرَ ٱللَّهُ مِنْهُمْ وَلَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٧٩﴾

80. Kahit na ikaw (O Muhammad) ay humingi ng kapatawaran para sa kanila (mga mapagkunwari) o hindi humingi ng kapatawaran para sa kanila, (at kahit) na ikaw ay humingi ng pitumpong ulit para sa kanilang kapatawaran, si Allah ay hindi kailanman magpapatawad sa kanila sapagkat sila ay hindi nanampalataya kay Allah at sa Kanyang Sugo (Muhammad). At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na *Fasiqun* (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah).

ٱسْتَغْفِرْ لَهُمْ أَوْ لَا تَسْتَغْفِرْ لَهُمْ إِن تَسْتَغْفِرْ لَهُمْ سَبْعِينَ مَرَّةً فَلَن يَغْفِرَ ٱللَّهُ لَهُمْ ۚ ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ كَفَرُوا۟ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ ۗ وَٱللَّهُ لَا يَهْدِى ٱلْقَوْمَ ٱلْفَٰسِقِينَ ﴿٨٠﴾

81. Sila (mga *Munafik* [mapagkunwari]) na nagpaiwan (sa pagtungo sa Tabuk na may misyon ng pakikipaglaban) ay nagsasaya na sila ay nanatili (sa kanilang tahanan at hindi sumama) sa Sugo ni Allah at umayaw na makipaglaban sa pamamagitan ng kanilang mga ari-arian at kanilang buhay tungo sa Kapakanan ni Allah; at sila ay nagsabi: "Huwag kayong magsitungo paharap sa init." Ipagbadya: "Higit na matindi ang init ng Apoy ng Impiyerno, kung kanila lamang nauunawaan!"

فَرِحَ ٱلْمُخَلَّفُونَ بِمَقْعَدِهِمْ خِلَٰفَ رَسُولِ ٱللَّهِ وَكَرِهُوٓا۟ أَن يُجَٰهِدُوا۟ بِأَمْوَٰلِهِمْ وَأَنفُسِهِمْ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ وَقَالُوا۟ لَا تَنفِرُوا۟ فِى ٱلْحَرِّ ۗ قُلْ نَارُ جَهَنَّمَ أَشَدُّ حَرًّا ۚ لَّوْ كَانُوا۟ يَفْقَهُونَ ﴿٨١﴾

82. Kaya't hayaan silang humalakhak ng kakarampot at (hindi magtatagal, sila) ay lubhang magsisitangis bilang kabayaran sa anumang kanilang ginawa (na mga kasalanan).

فَلْيَضْحَكُوا۟ قَلِيلًا وَلْيَبْكُوا۟ كَثِيرًا جَزَآءًۢ بِمَا كَانُوا۟ يَكْسِبُونَ ﴿٨٢﴾

83. At kung kayo ay muling ibalik ni Allah sa lipon nila (mga mapagkunwari), at makaraan ay humingi sila ng iyong pahintulot na pumalaot (upang makipaglaban), iyong sabihin: "Kailanman, kayo ay hindi papalaot na kasama ako, at kailanman, kayo ay hindi lalaban sa (mga) kaaway na kasama ako. Katotohanang kayo ay nasiyahan

فَإِن رَّجَعَكَ ٱللَّهُ إِلَىٰ طَآئِفَةٍ مِّنْهُمْ فَٱسْتَـْٔذَنُوكَ لِلْخُرُوجِ فَقُل لَّن تَخْرُجُوا۟ مَعِىَ أَبَدًا وَلَن تُقَٰتِلُوا۟ مَعِىَ عَدُوًّا ۖ إِنَّكُمْ رَضِيتُم بِٱلْقُعُودِ أَوَّلَ مَرَّةٍ فَٱقْعُدُوا۟ مَعَ ٱلْخَٰلِفِينَ ﴿٨٣﴾

na maupo (sa inyong tahanan) sa una pa mang pagkakataon, kaya't magsiupo kayo (ngayon) na kasama ng mga nagpaiwan."

وَلَا تُصَلِّ عَلَىٰٓ أَحَدٍ مِّنْهُم مَّاتَ أَبَدًا وَلَا تَقُمْ عَلَىٰ قَبْرِهِۦٓ ۖ إِنَّهُمْ كَفَرُوا۟ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ وَمَاتُوا۟ وَهُمْ فَٰسِقُونَ ﴿٨٤﴾

84. At huwag kailanman (O Muhammad) na ikaw ay mag-alay ng *Salah* (dasal) sa sinuman na namatay sa kanila (mga mapagkunwari), gayundin ay huwag kang tumindig sa kanilang puntod. Katotohanang sila ay hindi nanampalataya kay Allah at sa Kanyang Sugo, at sila ay namatay habang sila ay *Fasiqun* (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah at sa Kanyang Sugo).

وَلَا تُعْجِبْكَ أَمْوَٰلُهُمْ وَأَوْلَٰدُهُمْ ۚ إِنَّمَا يُرِيدُ ٱللَّهُ أَن يُعَذِّبَهُم بِهَا فِى ٱلدُّنْيَا وَتَزْهَقَ أَنفُسُهُمْ وَهُمْ كَٰفِرُونَ ﴿٨٥﴾

85. At huwag hayaan ang kanilang kayamanan, gayundin ang kanilang mga anak ay makintal sa iyong isipan. Si Allah ay nagnanais na parusahan sila sa pamamagitan ng mga ganitong bagay sa mundong ito, at ang kanilang kaluluwa ay pumanaw (namatay) habang sila ay mga hindi nananampalataya.

وَإِذَآ أُنزِلَتْ سُورَةٌ أَنْ ءَامِنُوا۟ بِٱللَّهِ وَجَٰهِدُوا۟ مَعَ رَسُولِهِ ٱسْتَـْٔذَنَكَ أُو۟لُوا۟ ٱلطَّوْلِ مِنْهُمْ وَقَالُوا۟ ذَرْنَا نَكُن مَّعَ ٱلْقَٰعِدِينَ ﴿٨٦﴾

86. At kung ang isang *Surah* (kabanata ng Qur'an) ay ipinanaog (sa iyo) na nagtatagubilin sa kanila na sumampalataya kay Allah at makipaglaban na kasama ang Kanyang Sugo, ang mga may kayamanan sa lipon nila (mga *Munafik* [mapagkunwari]) ay humihingi ng iyong pahintulot (na manatili sa likuran o magpaiwan at huwag sumama sa *Jihad*, ang banal na pakikipaglaban tungo sa kapakanan ni Allah) at nagsabi: "Iwanan ninyo kami upang makasama sila na nangakaupo (sa kanilang tahanan).

رَضُوا۟ بِأَن يَكُونُوا۟ مَعَ ٱلْخَوَالِفِ وَطُبِعَ عَلَىٰ قُلُوبِهِمْ فَهُمْ لَا يَفْقَهُونَ ﴿٨٧﴾

87. Sila ay nasisiyahan (na nagpaiwan sa kanilang tahanan) na kasama ang mga nagpapaiwan (mga kababaihan, mga bata at mga may karamdaman). At ang kanilang puso ay nasasagkaan (upang hindi makaunawa ng lahat ng uri ng kabutihan at tuwid na patnubay), kaya't sila ay hindi nakakaunawa.

لَٰكِنِ ٱلرَّسُولُ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مَعَهُۥ جَٰهَدُوا۟ بِأَمْوَٰلِهِمْ وَأَنفُسِهِمْ ۚ وَأُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمُ ٱلْخَيْرَٰتُ ۖ وَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْمُفْلِحُونَ ﴿٨٨﴾

88. Datapuwa't ang Sugo (Muhammad), at sila na mga sumampalataya (kay Allah) na kasama niya ay nakipaglaban sa pamamagitan ng kanilang kayamanan at kanilang buhay (sa Kapakanan ni Allah). Sila yaong (sa kanila) ay nakalaan ang mga mababuting bagay, at sila ang mga magsisipagtagumpay.

أَعَدَّ ٱللَّهُ لَهُمْ جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَا ۚ ذَٰلِكَ ٱلْفَوْزُ ٱلْعَظِيمُ ﴿٨٩﴾

89. Sa kanila ay inihanda na ni Allah ang mga Halamanan (Paraiso) na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy, upang manahan dito magpakailanman. Ito ang tunay na rurok ng tagumpay.

وَجَآءَ ٱلْمُعَذِّرُونَ مِنَ ٱلْأَعْرَابِ لِيُؤْذَنَ لَهُمْ وَقَعَدَ ٱلَّذِينَ كَذَبُوا۟ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ ۚ سَيُصِيبُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِنْهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٩٠﴾

90. At sila na may mga pagdadahilan mula sa lipon ng mga *bedouin* (mga naninirahan sa disyerto) ay nagsidating (sa iyo, O Muhammad) upang sila ay iyong pahintulutan (na magpaiwan at hindi maging saklaw na makipaglaban sa digmaan), at sila na nagsinungaling kay Allah at sa Kanyang Sugo ay nangakaupo (sa kanilang tahanan). Sa kanila na hindi nanampalataya sa kanilang lipon, isang kasakit-sakit na kaparusahan ang sasakmal sa kanila.

لَّيْسَ عَلَى ٱلضُّعَفَآءِ وَلَا عَلَى ٱلْمَرْضَىٰ وَلَا عَلَى ٱلَّذِينَ لَا يَجِدُونَ مَا يُنفِقُونَ حَرَجٌ إِذَا نَصَحُوا۟ لِلَّهِ وَرَسُولِهِۦ ۚ مَا عَلَى ٱلْمُحْسِنِينَ مِن سَبِيلٍ ۚ وَٱللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٩١﴾

91. Hindi isang kasalanan sa kanila (ang hindi nila pagsama sa *Jihad*), sila na mga mahihina o may karamdaman o sila na walang kakayahan upang gumugol (sa banal na digmaan [*Jihad]*), kung sila ay matapat kay Allah at sa Kanyang Sugo. Walang anumang (hinaing) sa sinumang mapaggawa ng kabutihan (*Muhsinun*) ang sa kanila ay isusumbat. At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَلَا عَلَى ٱلَّذِينَ إِذَا مَآ أَتَوْكَ لِتَحْمِلَهُمْ قُلْتَ لَآ أَجِدُ مَآ أَحْمِلُكُمْ عَلَيْهِ تَوَلَّوا۟ وَّأَعْيُنُهُمْ تَفِيضُ مِنَ ٱلدَّمْعِ حَزَنًا أَلَّا يَجِدُوا۟ مَا يُنفِقُونَ ﴿٩٢﴾

92. Gayundin (ay walang kasalanan) sa kanila na lumapit sa iyo upang mabigyan ng dalahin, at iyong sinabi: "Wala akong matagpuan na anuman para sa iyo upang iyong sakyan," sila ay lumisan na ang kanilang mga mata ay tigmak sa luha ng pagdadalamhati dahilan sa sila ay hindi makasumpong ng anuman upang gugulin (sa *Jihad* [banal na digmaan]).

۞ إِنَّمَا ٱلسَّبِيلُ عَلَى ٱلَّذِينَ يَسْتَـْٔذِنُونَكَ وَهُمْ أَغْنِيَآءُ ۚ رَضُوا۟ بِأَن يَكُونُوا۟ مَعَ ٱلْخَوَالِفِ وَطَبَعَ ٱللَّهُ عَلَىٰ قُلُوبِهِمْ فَهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٩٣﴾

93. Ang may kasalanan ay sila yaong humihingi ng iyong pahintulot (na huwag maging saklaw sa pakikipaglaban sa *Jihad*) samantalang sila ay mga mayayaman. Sila ay nasisiyahan na kasama (ang mga kababaihan, bata at may karamdaman) na mga nagpaiwan (nangakaupo sa kanilang tahanan); at si Allah ay naglagay ng sagka sa kanilang puso (upang hindi makaunawa ng lahat ng uri ng kabutihan at tuwid na patnubay), kaya't sila ay hindi nakakaalam.

يَعْتَذِرُونَ إِلَيْكُمْ إِذَا رَجَعْتُمْ إِلَيْهِمْ ۚ قُل لَّا تَعْتَذِرُوا لَن نُّؤْمِنَ لَكُمْ قَدْ نَبَّأَنَا اللَّهُ مِنْ أَخْبَارِكُمْ ۚ وَسَيَرَى اللَّهُ عَمَلَكُمْ وَرَسُولُهُ ثُمَّ تُرَدُّونَ إِلَىٰ عَالِمِ الْغَيْبِ وَالشَّهَادَةِ فَيُنَبِّئُكُم بِمَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٩٤﴾

94. Sila ay magbibigay ng mga dahilan sa inyo (mga Muslim) kapag kayo ay nagbalik sa kanila. Ipagbadya (O Muhammad): "Huwag kayong magbigay ng mga dahilan, kami, kahit na kailan, ay hindi maniniwala sa inyo. Tunay na ipinaalam ni Allah sa amin ang balita tungkol sa inyo. At si Allah at ang Kanyang Sugo ay magmamasid ng inyong mga gawa. At pagkatapos, kayo ay muling ibabalik sa Kanya na Lubos na Nakakaalam ng mga nalilingid at lantad, at ipapaalam Niya sa inyo ang inyong mga ginagawa."

سَيَحْلِفُونَ بِاللَّهِ لَكُمْ إِذَا انقَلَبْتُمْ إِلَيْهِمْ لِتُعْرِضُوا عَنْهُمْ ۖ فَأَعْرِضُوا عَنْهُمْ إِنَّهُمْ رِجْسٌ ۖ وَمَأْوَاهُمْ جَهَنَّمُ جَزَاءً بِمَا كَانُوا يَكْسِبُونَ ﴿٩٥﴾

95. Sila (mga *Munafik* [mapagkunwari]) ay tiyak na manunumpa (sa Ngalan) ni Allah sa inyo (na mga Muslim) tungkol sa kanilang mga dahilan kapag kayo ay nagbalik sa kanila, na sila ay inyong iiwan na mag-isa. Kaya't iwanan ninyo silang mag-isa. Katotohanang sila ay masasama (hindi dalisay at kasuklam-suklam dahilan sa kanilang buktot na mga gawa), at ang Impiyerno ang kanilang pananahanan, - isang kabayaran sa mga bagay na kanilang kinita.

يَحْلِفُونَ لَكُمْ لِتَرْضَوْا عَنْهُمْ ۖ فَإِن تَرْضَوْا عَنْهُمْ فَإِنَّ اللَّهَ لَا يَرْضَىٰ عَنِ الْقَوْمِ الْفَاسِقِينَ ﴿٩٦﴾

96. Sila (na mga mapagkunwari) ay manunumpa sa inyo (na mga Muslim) upang kayo ay malugod sa kanila, datapuwa't kung kayo ay nalulugod sa kanila, katiyakang si Allah ay hindi nalulugod sa mga tao na *Al-Fasiqun* (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah).

الْأَعْرَابُ أَشَدُّ كُفْرًا وَنِفَاقًا وَأَجْدَرُ أَلَّا يَعْلَمُوا حُدُودَ مَا أَنزَلَ اللَّهُ عَلَىٰ رَسُولِهِ ۗ وَاللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ ﴿٩٧﴾

97. Ang mga *bedouin* (mga taong namumuhay sa disyerto) ang pinakamasama sa kawalan ng pananampalataya at pagkukunwari, at mas malamang (kaysa hindi), ay hindi nakakaalam (o mangmang) sa mga hangganan (ng mga kautusan o batas) ni Allah na Kanyang ipinahayag sa Kanyang Sugo. At si Allah ay Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan.

وَمِنَ الْأَعْرَابِ مَن يَتَّخِذُ مَا يُنفِقُ مَغْرَمًا وَيَتَرَبَّصُ بِكُمُ الدَّوَائِرَ ۚ عَلَيْهِمْ دَائِرَةُ السَّوْءِ ۗ وَاللَّهُ سَمِيعٌ عَلِيمٌ ﴿٩٨﴾

98. At sa mga *bedouin* (mga taong naninirahan sa disyerto) ay may ilan na nagpapalagay na kung anuman ang kanilang ginugugol (sa Kapakanan ni Allah), ito ay isang kawalan (walang pakinabang, at ito ay itinuturing pa nila bilang multa o parusa) at nagbabantay nang (pagdatal) ng kapinsalaan sa inyo, sa kanila ay

mangyayari ang kapinsalaan ng kabuktutan. At si Allah ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam.

99. At sa mga *bedouin* (mga taong naninirahan sa disyerto) ay may ilan na sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw, at nagtuturing sa kanilang ginugugol sa Kapakanan ni Allah bilang paghahandog kay Allah (upang mapalapit sa Kanya), at isang (paraan) upang makapagtamo sa mga pagdarasal ng Sugo. Katotohanan, ang mga ito ay isang paghahandog (kay Allah). Si Allah ay tatanggap sa kanila sa Kanyang habag. Katiyakang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَمِنَ ٱلْأَعْرَابِ مَن يُؤْمِنُ بِٱللَّهِ وَٱلْيَوْمِ ٱلْءَاخِرِ وَيَتَّخِذُ مَا يُنفِقُ قُرُبَٰتٍ عِندَ ٱللَّهِ وَصَلَوَٰتِ ٱلرَّسُولِ ۚ أَلَآ إِنَّهَا قُرْبَةٌ لَّهُمْ ۚ سَيُدْخِلُهُمُ ٱللَّهُ فِى رَحْمَتِهِۦٓ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٩٩﴾

100. At ang mga nanga-unang yumakap sa Islam sa *Muhajirun* (yaong mga nagsilikas mula sa Makkah patungo sa Al-Madina), at sa *Ansar* (ang mga mamamayan ng Madina na tumulong sa *Muhajirun*), at sila na nagsisunod sa kanila nang tumpak (sa pananampalataya), si Allah ay labis na nalulugod sa kanila, gayundin, sila ay nalulugod sa Kanya. Siya (Allah) ay naghanda para sa kanila ng mga Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), upang manahan dito magpakailanman. Ito ang rurok ng tagumpay.

وَٱلسَّٰبِقُونَ ٱلْأَوَّلُونَ مِنَ ٱلْمُهَٰجِرِينَ وَٱلْأَنصَارِ وَٱلَّذِينَ ٱتَّبَعُوهُم بِإِحْسَٰنٍ رَّضِىَ ٱللَّهُ عَنْهُمْ وَرَضُوا۟ عَنْهُ وَأَعَدَّ لَهُمْ جَنَّٰتٍ تَجْرِى تَحْتَهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَآ أَبَدًا ۚ ذَٰلِكَ ٱلْفَوْزُ ٱلْعَظِيمُ ﴿١٠٠﴾

101. At ang ilan sa lipon ng mga *bedouin* (mga taong naninirahan sa disyerto) na nakapalibot sa inyo ay mga mapagkunwari, at gayundin, ang ilan sa mga tao ng Madina. Sila ay naging hirati na sa (kanilang) pagkukunwari. Ikaw (O Muhammad) ay hindi nakakaalam sa kanila, (ngunit) sila ay Aming nalalaman. Sila ay Aming (Allah) parurusahan ng dalawang ulit (dito sa mundo; una, sa pagpatay o pagbihag sa kanila; pangalawa, ang kanilang magiging kaparusahan sa libingan), at pagkatapos, sila ay itatambad sa matindi (at kasindak-sindak) na kaparusahan.

وَمِمَّنْ حَوْلَكُم مِّنَ ٱلْأَعْرَابِ مُنَٰفِقُونَ ۖ وَمِنْ أَهْلِ ٱلْمَدِينَةِ ۖ مَرَدُوا۟ عَلَى ٱلنِّفَاقِ لَا تَعْلَمُهُمْ ۖ نَحْنُ نَعْلَمُهُمْ ۚ سَنُعَذِّبُهُم مَّرَّتَيْنِ ثُمَّ يُرَدُّونَ إِلَىٰ عَذَابٍ عَظِيمٍ ﴿١٠١﴾

102. At may mga iba na umamin sa kanilang pagkakasala, na kanilang pinaghahalo ang mga matutuwid na gawa sa ibang gawa na masasama

وَءَاخَرُونَ ٱعْتَرَفُوا۟ بِذُنُوبِهِمْ خَلَطُوا۟ عَمَلًا صَٰلِحًا وَءَاخَرَ سَيِّئًا ۖ عَسَى ٱللَّهُ أَن يَتُوبَ عَلَيْهِمْ ۚ

(alalaong baga, ang kanilang pagsisisi noong sila ay nagpaiwan sa Madina at hindi sumama sa digmaan sa Tabuk). Marahil, si Allah ay babaling sa kanila sa pagpapatawad. Katiyakang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

إِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١٠٢﴾

103. Kumuha ka (O Muhammad) ng *Sadaqah* (limos at kawanggawa) mula sa kanilang kayamanan upang sila ay mapadalisay nito at (ito) ay lalo pang mag-ibayo, at ikaw ay manalangin kay Allah para sa kanila. Katotohanan! Ang iyong *Dua'a* (panambitan, pagluhog, panikluhod) ay isang pinanggagalingan ng kapanatagan sa kanila, at si Allah ay Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam.

خُذْ مِنْ أَمْوَٰلِهِمْ صَدَقَةً تُطَهِّرُهُمْ وَتُزَكِّيهِم بِهَا وَصَلِّ عَلَيْهِمْ ۖ إِنَّ صَلَوٰتَكَ سَكَنٌ لَّهُمْ ۗ وَٱللَّهُ سَمِيعٌ عَلِيمٌ ﴿١٠٣﴾

104. Hindi baga nila nalalaman na si Allah ay tumatanggap sa pagtitika ng Kanyang mga alipin at tumatanggap sa *Sadaqah* (limos at kawanggawa), at si Allah lamang ang Tanging Isa na Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

أَلَمْ يَعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ هُوَ يَقْبَلُ ٱلتَّوْبَةَ عَنْ عِبَادِهِۦ وَيَأْخُذُ ٱلصَّدَقَٰتِ وَأَنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلتَّوَّابُ ٱلرَّحِيمُ ﴿١٠٤﴾

105. At ipagbadya (O Muhammad): "Magsigawa kayo! Si Allah ay magmamasid ng inyong mga gawa at (sa Araw ng Pagsusulit, ito ay matatambad) sa Kanyang Sugo at sa mga sumasampalataya. At katiyakan, kayo ay muling ibabalik sa Kanya na Lubos na Nakakaalam ng mga nalilingid at lantad, at ipapaalam Niya sa inyo ang inyong mga ginagawa."

وَقُلِ ٱعْمَلُوا۟ فَسَيَرَى ٱللَّهُ عَمَلَكُمْ وَرَسُولُهُۥ وَٱلْمُؤْمِنُونَ ۖ وَسَتُرَدُّونَ إِلَىٰ عَٰلِمِ ٱلْغَيْبِ وَٱلشَّهَٰدَةِ فَيُنَبِّئُكُم بِمَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿١٠٥﴾

106. At ang iba (sa mga nagpaiwan) ay naghihintay ng Kapasiyahan ni Allah, kung sila (baga) ay Kanyang parurusahan o sila ay patatawarin. At si Allah ay Lubos na Maalam, ang Tigib ng Karunungan.

وَءَاخَرُونَ مُرْجَوْنَ لِأَمْرِ ٱللَّهِ إِمَّا يُعَذِّبُهُمْ وَإِمَّا يَتُوبُ عَلَيْهِمْ ۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ ﴿١٠٦﴾

107. At sa kanila (mga *Munafik* [mapagkunwari]) na nagtatayo ng *Masjid* (bahay-dalanginan [*Masjid Dhirar*]) bilang paraan ng pamiminsala (sa mga mananampalataya) at kawalan ng pananalig, at upang pagwatak-watakin ang mga sumasampalataya, at bilang isang himpilan ng mga nakikidigma kay Allah at sa Kanyang Sugo

وَٱلَّذِينَ ٱتَّخَذُوا۟ مَسْجِدًا ضِرَارًا وَكُفْرًا وَتَفْرِيقًۢا بَيْنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ وَإِرْصَادًا لِّمَنْ حَارَبَ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ مِن قَبْلُ ۚ وَلَيَحْلِفُنَّ إِنْ أَرَدْنَآ إِلَّا ٱلْحُسْنَىٰ ۖ وَٱللَّهُ يَشْهَدُ إِنَّهُمْ لَكَٰذِبُونَ ﴿١٠٧﴾

(Muhammad) noon pa mang una, at katotohanang sila ay manunumpa (sa inyo sa Ngalan ni Allah) na ang kanilang saloobin ay walang iba kundi kabutihan. At si Allah ang sumasaksi na walang alinlangan na sila ay mga sinungaling.

لَا تَقُمْ فِيهِ أَبَدًا ۚ لَّمَسْجِدٌ أُسِّسَ عَلَى
ٱلتَّقْوَىٰ مِنْ أَوَّلِ يَوْمٍ أَحَقُّ أَن تَقُومَ فِيهِ ۚ فِيهِ
رِجَالٌ يُحِبُّونَ أَن يَتَطَهَّرُوا۟ ۚ وَٱللَّهُ يُحِبُّ
ٱلْمُطَّهِّرِينَ ﴿١٠٨﴾

108. Kailanman ay huwag kang titindig (upang magdasal sa *Masjid* na) yaon. Katotohanan, ang *Masjid* (bahay-dalanginan) na (ang pundasyon) ay itinatag sa kabutihan (pananampalataya) mula sa unang araw (ang *Masjid* ng Quba') ay higit na karapat-dapat sa iyo na tindigan (upang magdasal doon). Sa loob nito ay mga tao na nagnanais na linisin at dalisayin ang kanilang sarili. At si Allah ay nagmamahal sa kanila na nagpapadalisay sa kanilang sarili.

أَفَمَنْ أَسَّسَ بُنْيَٰنَهُۥ عَلَىٰ تَقْوَىٰ مِنَ
ٱللَّهِ وَرِضْوَٰنٍ خَيْرٌ أَم مَّنْ أَسَّسَ بُنْيَٰنَهُۥ عَلَىٰ
شَفَا جُرُفٍ هَارٍ فَٱنْهَارَ بِهِۦ فِى نَارِ جَهَنَّمَ ۗ
وَٱللَّهُ لَا يَهْدِى ٱلْقَوْمَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿١٠٩﴾

109. Siya kaya na naglatag ng pundasyon ng kanyang gusali (na naaayon) sa pananampalataya kay Allah at sa Kanyang Pagkalugod ay higit na mainam, o siya kaya na naglatag ng pundasyon ng kanyang gusali sa gilid ng isang pampang (na naguguho), na halos ay malugso na (sa pagkakabitin), kaya't ito ay natibag (at bumulusok) na kasama niya (sa loob) ng Apoy ng Impiyerno? At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na *Zalimun* (mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kabuktutan).

لَا يَزَالُ بُنْيَٰنُهُمُ ٱلَّذِى بَنَوْا۟ رِيبَةً فِى
قُلُوبِهِمْ إِلَّآ أَن تَقَطَّعَ قُلُوبُهُمْ ۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌ
حَكِيمٌ ﴿١١٠﴾

110. Ang gusali na kanilang itinindig ay hindi kailanman mawawala (sa kanilang isipan, sa pag-aakala na ito ay itinayo nila sa magandang hangarin), datapuwa't ito ay dulot lamang ng pag-aalinlangan (pagkukunwari) sa kanilang puso, malibang ang kanilang puso ay hiwain sa maraming bahagi (alalaong baga, hanggang sa sila ay mamatay). At si Allah ay Ganap na Nakakaalam (ng nilalaman ng mga puso), ang Tigib ng Karunungan.

۞ إِنَّ ٱللَّهَ ٱشْتَرَىٰ مِنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ
أَنفُسَهُمْ وَأَمْوَٰلَهُم بِأَنَّ لَهُمُ ٱلْجَنَّةَ ۚ
يُقَٰتِلُونَ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ فَيَقْتُلُونَ

111. Katotohanang si Allah ay bumili (mula) sa mga sumasampalataya ng kanilang buhay at kanilang mga ari-arian; sa halaga na mapapasakanila ang Paraiso. Sila ay nakikipaglaban sa Kapakanan ni Allah, kaya't

sila ay pumapatay (ng iba) at sila rin ay napapatay. Ito ay isang pangako sa Katotohanan na Kanyang pinangangatawanan sa *Torah* (mga Batas) at sa *Injil* (Ebanghelyo) at sa Qur'an. At sino kaya baga ang tumutupad ng kanyang pangako na mas higit pa kay Allah? Kaya't magsipagsaya kayo sa bilihan (kasunduan) na inyong ginanap. At ito ang rurok ng tagumpay.

وَيُقْتَلُونَ ۖ وَعْدًا عَلَيْهِ حَقًّا فِي التَّوْرَاةِ وَالْإِنجِيلِ وَالْقُرْآنِ ۚ وَمَنْ أَوْفَىٰ بِعَهْدِهِ مِنَ اللَّهِ ۚ فَاسْتَبْشِرُوا بِبَيْعِكُمُ الَّذِي بَايَعْتُم بِهِ ۚ وَذَٰلِكَ هُوَ الْفَوْزُ الْعَظِيمُ ﴿١١١﴾

112. (Ang ibang sumasampalataya na binili rin ni Allah ang kanilang buhay) ay yaong mga nagtitika (nagbabalik-loob) kay Allah (dahilan sa kanilang pagsamba sa mga diyus-diyosan at pagkukunwari), sila na sumasamba sa Kanya, sila na nagpupuri sa Kanya, sila na nag-aayuno (o humahayo para sa kapakanan ni Allah), sila na yumuyukod at nagpapatirapa (sa pananalangin), sila na nagtatagubilin (sa mga tao) sa *Al-Ma'ruf* (paniniwala sa Kaisahan ni Allah at pagsunod sa lahat ng mga ipinag-uutos sa Islam) at nagbabawal (sa mga tao) sa *Al-Munkar* (kawalan ng pananalig, pagsamba sa maraming diyus-diyosan at pag-iwas sa lahat ng mga ipinagbabawal sa Islam), at sumusunod sa mga hangganan na itinakda ni Allah (pagtupad sa lahat ng itinalaga ni Allah at pag-iwas sa lahat ng uri ng kasalanan at masamang gawa na ipinagbabawal ni Allah). At (ikaw ay) magbigay ng magandang balita sa mga sumasampalataya.

التَّائِبُونَ الْعَابِدُونَ الْحَامِدُونَ السَّائِحُونَ الرَّاكِعُونَ السَّاجِدُونَ الْآمِرُونَ بِالْمَعْرُوفِ وَالنَّاهُونَ عَنِ الْمُنكَرِ وَالْحَافِظُونَ لِحُدُودِ اللَّهِ ۗ وَبَشِّرِ الْمُؤْمِنِينَ ﴿١١٢﴾

113. Hindi isang katampatan sa Propeta at sa mga sumasampalataya na humingi kay Allah ng kapatawaran para sa *Mushrikun* (mga mapagsamba sa maraming diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah), kahima't sila ay malapit nilang kamag-anak, matapos na maging maliwanag sa kanila na sila ang magsisipanahan sa Apoy (sapagkat sila ay namatay sa kalagayan ng kawalan ng pananampalataya).

مَا كَانَ لِلنَّبِيِّ وَالَّذِينَ آمَنُوا أَن يَسْتَغْفِرُوا لِلْمُشْرِكِينَ وَلَوْ كَانُوا أُولِي قُرْبَىٰ مِن بَعْدِ مَا تَبَيَّنَ لَهُمْ أَنَّهُمْ أَصْحَابُ الْجَحِيمِ ﴿١١٣﴾

114. At ang paninikluhod ni Abraham (kay Allah) para sa kapatawaran ng kanyang ama ay dahilan lamang sa isang pangako na kanyang (Abraham) ginawa para sa kanya (ama).

وَمَا كَانَ اسْتِغْفَارُ إِبْرَاهِيمَ لِأَبِيهِ إِلَّا عَن مَّوْعِدَةٍ وَعَدَهَا إِيَّاهُ فَلَمَّا تَبَيَّنَ

لَهُۥٓ أَنَّهُۥ عَدُوٌّ لِّلَّهِ تَبَرَّأَ مِنْهُ ۚ إِنَّ إِبْرَٰهِيمَ لَأَوَّٰهٌ حَلِيمٌ ﴿١١٤﴾

Datapuwa't nang ito ay maging maliwanag sa kanya (Abraham) na siya (kanyang ama) ay isang kaaway ni Allah, ay inihiwalay niya ang kanyang sarili sa kanya (alalaong baga, iniwan niya ang kanyang ama). Katotohanang si Abraham ay *Al-Awwah* (naninikluhod kay Allah ng may kapakumbabaan, nagpupuri sa Kanya at nag-aala-ala sa Kanya nang labis) at mapagbata (matiisin sa mahabang panahon).

وَمَا كَانَ ٱللَّهُ لِيُضِلَّ قَوْمًۢا بَعْدَ إِذْ هَدَىٰهُمْ حَتَّىٰ يُبَيِّنَ لَهُم مَّا يَتَّقُونَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ بِكُلِّ شَىْءٍ عَلِيمٌ ﴿١١٥﴾

115. At si Allah ay hindi kailanman mag-aakay sa mga tao na mapaligaw, matapos na Kanyang magabayan sila hanggang sa magawa Niya na maging maliwanag sa kanila kung ano ang kanilang nararapat na paniwalaan at iwasan. Katotohanang si Allah ay Ganap na Maalam sa lahat ng bagay.

إِنَّ ٱللَّهَ لَهُۥ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ يُحْىِۦ وَيُمِيتُ ۚ وَمَا لَكُم مِّن دُونِ ٱللَّهِ مِن وَلِىٍّ وَلَا نَصِيرٍ ﴿١١٦﴾

116. Katotohanan, si Allah! Sa Kanya ang pag-aangkin ng kapamahalaan ng kalangitan at kalupaan, Siya ang nagbibigay ng buhay, at Siya ang naggagawad ng kamatayan. At maliban pa kay Allah, kayo ay wala ng anumang *Wali* (tagapangalaga o tagapagbantay) at Tagapagtangkilik.

لَّقَد تَّابَ ٱللَّهُ عَلَى ٱلنَّبِىِّ وَٱلْمُهَٰجِرِينَ وَٱلْأَنصَارِ ٱلَّذِينَ ٱتَّبَعُوهُ فِى سَاعَةِ ٱلْعُسْرَةِ مِنۢ بَعْدِ مَا كَادَ يَزِيغُ قُلُوبُ فَرِيقٍ مِّنْهُمْ ثُمَّ تَابَ عَلَيْهِمْ ۚ إِنَّهُۥ بِهِمْ رَءُوفٌ رَّحِيمٌ ﴿١١٧﴾

117. Si Allah ay nagpatawad sa Propeta, sa *Muhajirun* (mga Muslim na nagsilikas at umiwan sa kanilang mga tahanan at naparoon sa Madina), at sa *Ansar* (mga Muslim ng Madina), na sumunod sa kanya (Muhammad) sa panahon ng kagipitan, matapos na ang puso ng isang pangkat sa kanila ay halos lumihis na (sa tuwid na landas), datapuwa't tinanggap Niya ang kanilang pagtitika. Katiyakang Siya sa kanila ay Puspos ng Kabaitan, ang Pinakamaawain.

وَعَلَى ٱلثَّلَٰثَةِ ٱلَّذِينَ خُلِّفُوا۟ حَتَّىٰٓ إِذَا ضَاقَتْ عَلَيْهِمُ ٱلْأَرْضُ بِمَا رَحُبَتْ وَضَاقَتْ عَلَيْهِمْ أَنفُسُهُمْ وَظَنُّوٓا۟ أَن لَّا مَلْجَأَ مِنَ ٱللَّهِ إِلَّآ إِلَيْهِ ثُمَّ تَابَ عَلَيْهِمْ لِيَتُوبُوٓا۟ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلتَّوَّابُ ٱلرَّحِيمُ ﴿١١٨﴾

118. At (Kanya ring pinatawad) yaong tatlo na naiwan (at nagsisi sa kanilang kamalian), hanggang ang kalupaan ay waring makipot para sa kanila kahit gaano man ito kalawak, at ang kanilang sarili (kaluluwa) ay nakadarama ng pagiging masikip (alalaong baga, nahahapis) at kanilang napag-akala na sila ay hindi makakatakas kay Allah, at wala ng kaligtasan maliban pa sa Kanya. At hindi naglaon,

Kanyang tinanggap ang kanilang pagsisisi upang sila ay magtika (sa Kanya). Katotohanang si Allah ay Siyang Tanging Isa na tumatanggap ng pagsisisi, ang Pinakamaawain.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَكُونُوا۟ مَعَ ٱلصَّٰدِقِينَ ﴿١١٩﴾

119. O kayong nagsisisampalataya! Maging may pagkatakot kay Allah at maging kasama ng mga matatapat (sa salita at gawa).

مَا كَانَ لِأَهْلِ ٱلْمَدِينَةِ وَمَنْ حَوْلَهُم مِّنَ ٱلْأَعْرَابِ أَن يَتَخَلَّفُوا۟ عَن رَّسُولِ ٱللَّهِ وَلَا يَرْغَبُوا۟ بِأَنفُسِهِمْ عَن نَّفْسِهِۦ ۚ ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ لَا يُصِيبُهُمْ ظَمَأٌ وَلَا نَصَبٌ وَلَا مَخْمَصَةٌ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ وَلَا يَطَـُٔونَ مَوْطِئًا يَغِيظُ ٱلْكُفَّارَ وَلَا يَنَالُونَ مِنْ عَدُوٍّ نَّيْلًا إِلَّا كُتِبَ لَهُم بِهِۦ عَمَلٌ صَٰلِحٌ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يُضِيعُ أَجْرَ ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿١٢٠﴾

120. Hindi isang (katampatan) sa mga tao ng Madina at yaong nakapaligid sa kanila na mga *bedouin* (mga taong namumuhay sa disyerto) na sila ay magpaiwan (sa kanilang tahanan o ayaw sumama, matapos ang pag-alis) ng Sugo ni Allah (kung nakikipaglaban tungo sa Kapakanan ni Allah), o kaya'y higit nilang pahalagahan ang kanilang sariling buhay kaysa sa kanya. Ito'y sa dahilang walang anumang (hirap) ng pagkauhaw o pagkapagal o pagkagutom tungo sa Kapakanan ni Allah, gayundin naman sila ay hindi tumatapak sa anumang lupain na magpapainit ng galit ng mga hindi sumasampalataya, gayundin naman ang anumang sakit o pahirap na kanilang naibigay tungo sa isang kaaway, maliban na ito ay masusulat (maituturing) sa kanila bilang isang gawa ng kabutihan. Katotohanang si Allah ay hindi magpapabaya na mawala ang gantimpala ng *Muhsinun* (mga tao na gumagawa ng mabuting gawa para sa Kapakanan ni Allah na walang pagpapakita upang mapansin o mapuri lamang ng iba).

وَلَا يُنفِقُونَ نَفَقَةً صَغِيرَةً وَلَا كَبِيرَةً وَلَا يَقْطَعُونَ وَادِيًا إِلَّا كُتِبَ لَهُمْ لِيَجْزِيَهُمُ ٱللَّهُ أَحْسَنَ مَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿١٢١﴾

121. At (gayundin naman), sila ay hindi gumugugol ng anuman (para sa Kapakanan ni Allah), - maging ito ay maliit o malaki, o tumawid sa isang lambak, maliban na ito ay nasusulat sa kanilang kapakinabangan upang sila ay magantimpalaan ni Allah sa pinakamainam (na gantimpala) sa kanilang (mababuting) ginagawa.

۞ وَمَا كَانَ ٱلْمُؤْمِنُونَ لِيَنفِرُوا۟ كَآفَّةً ۚ فَلَوْلَا نَفَرَ مِن كُلِّ فِرْقَةٍ مِّنْهُمْ طَآئِفَةٌ لِّيَتَفَقَّهُوا۟ فِى ٱلدِّينِ وَلِيُنذِرُوا۟

122. At hindi isang (katampatan) para sa mga sumasampalataya na sama-samang lahat na humayo upang makipaglaban. (Gayundin, hindi isang katampatan na silang lahat ay magpaiwan at hindi sumama sa *Jihad*). Sapagkat, kung wala

man sa bawat pangkat nila ang isang pulutong (na mananatili o magpapaiwan) upang magkaroon ng katuruan (ng aral sa Islamikong) pananampalataya, at upang kanilang mabigyang-babala ang kanilang mga tao kung sila ay magbalik na sa kanila, (at upang sa gayon) sila ay maging maingat (sa paggawa ng kasamaan).

فَوْمَهُمْ إِذَا رَجَعُوٓا۟ إِلَيْهِمْ لَعَلَّهُمْ يَحْذَرُونَ ﴿١٢٢﴾

123. O kayong nagsisisampalataya! Inyong labanan ang mga hindi sumasampalataya na malapit sa inyo, at hayaan silang makatagpo ng katigasan ng loob (pagkapoot) sa inyo, at inyong maalaman na si Allah ay kasama (tagatangkilik) ng *Al-Muttaqun* (mga matimtiman at matutuwid na mananampalataya kay Allah).

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ قَٰتِلُوا۟ ٱلَّذِينَ يَلُونَكُم مِّنَ ٱلْكُفَّارِ وَلْيَجِدُوا۟ فِيكُمْ غِلْظَةً ۚ وَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ مَعَ ٱلْمُتَّقِينَ ﴿١٢٣﴾

124. At kung mayroon mang ipinapanaog na *Surah* (kabanata ng Qur'an), ang ilan sa kanila (na mga mapagkunwari) ay nagsasabi: "Sino ba sa inyo ang nagiging masidhi ang kanyang pananalig sa pamamagitan nito (ang kabanata ng Quran)?" At patungkol sa mga sumasampalataya, ito ay nakapagpapasidhi sa kanilang pananampalataya at sila ay nangagagalak.

وَإِذَا مَآ أُنزِلَتْ سُورَةٌ فَمِنْهُم مَّن يَقُولُ أَيُّكُمْ زَادَتْهُ هَٰذِهِۦٓ إِيمَٰنًا ۚ فَأَمَّا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ فَزَادَتْهُمْ إِيمَٰنًا وَهُمْ يَسْتَبْشِرُونَ ﴿١٢٤﴾

125. Datapuwa't sa kanila na ang (kanilang) puso ay may karamdaman (ng alinlangan, kawalan ng pananalig at pagkukunwari), ito ay nakapagdaragdag ng kasamaan sa (dati) nilang kasamaan (maling kutob, alinlangan, kawalan ng pananalig at pagkukunwari), at sila ay mamamatay habang sila ay hindi nananampalataya.

وَأَمَّا ٱلَّذِينَ فِى قُلُوبِهِم مَّرَضٌ فَزَادَتْهُمْ رِجْسًا إِلَىٰ رِجْسِهِمْ وَمَاتُوا۟ وَهُمْ كَٰفِرُونَ ﴿١٢٥﴾

126. Hindi baga nila namamasdan na sila (mga *Munafik* [mapagkunwari]) ay sinusubukan, minsan o makalawa sa bawat taon (sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng kapinsalaan, mga sakit, pagkagutom, at kasiphayuhan). Magkagayunman, sila ay hindi nagbabalik-loob sa pagtitika, gayundin, sila ay hindi natututo ng aral (mula rito).

أَوَلَا يَرَوْنَ أَنَّهُمْ يُفْتَنُونَ فِى كُلِّ عَامٍ مَّرَّةً أَوْ مَرَّتَيْنِ ثُمَّ لَا يَتُوبُونَ وَلَا هُمْ يَذَّكَّرُونَ ﴿١٢٦﴾

127. At kung mayroon mang ipinapanaog na *Surah* (kabanata ng Qur'an), sila ay nagtitinginan sa isa't isa (na nagsasabi):

وَإِذَا مَآ أُنزِلَتْ سُورَةٌ نَّظَرَ بَعْضُهُمْ إِلَىٰ بَعْضٍ هَلْ يَرَىٰكُم مِّنْ أَحَدٍ ثُمَّ

"Mayroon ba na nakakakita sa inyo (habang kayo ay tumatalikod kay Muhammad)?" At sila ay nag-aalisan. Si Allah ay nagbaling ng kanilang puso (palayo sa liwanag) sapagkat sila ay mga tao na hindi nakakaunawa.

ٱنصَرَفُوا۟ ۚ صَرَفَ ٱللَّهُ قُلُوبَهُم بِأَنَّهُمْ قَوْمٌ لَّا يَفْقَهُونَ ﴿١٢٧﴾

128. Katotohanang may dumatal sa inyo na isang Sugo (Muhammad) mula sa inyong lipon (alalaong baga, na ganap ninyong batid). Nakakapagpalumbay sa kanya ang inyong dinaranas (na kapinsalaan o kahirapan). Siya (Muhammad) ay nagmamalasakit para sa inyo (na kayo ay matuwid na mapatnubayan), at siya sa mga sumasampalataya ay mabait at maawain.

لَقَدْ جَآءَكُمْ رَسُولٌ مِّنْ أَنفُسِكُمْ عَزِيزٌ عَلَيْهِ مَا عَنِتُّمْ حَرِيصٌ عَلَيْكُم بِٱلْمُؤْمِنِينَ رَءُوفٌ رَّحِيمٌ ﴿١٢٨﴾

129. Datapuwa't kung sila (mga *Munafik* at *Kafir* [mapagkunwari at hindi nananampalataya]) ay magsitalikod, iyong ipagbadya (O Muhammad): "Si Allah ay sapat na para sa akin (bilang Tagapangalaga at Tagapagtangkilik). *La ilaha illa Huwa* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), inilalagay ko sa Kanya ang aking (lubusang) pagtitiwala at Siya ang Panginoon ng Dakilang Trono (Luklukan)."

فَإِن تَوَلَّوْا۟ فَقُلْ حَسْبِىَ ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ۖ عَلَيْهِ تَوَكَّلْتُ ۖ وَهُوَ رَبُّ ٱلْعَرْشِ ٱلْعَظِيمِ ﴿١٢٩﴾

سُورَةُ يُونُسَ

Surah 10

Surat Yunus
(Propeta Jonas)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Alif, Lam, Ra (A, La, Ma. Ito ay mga titik sa wikang Arabik na tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan. Ito ang mga talata ng Aklat ng Karunungan, ang Qur'an).

الٓرٰ ۚ تِلْكَ ءَايَٰتُ ٱلْكِتَٰبِ ٱلْحَكِيمِ ﴿١﴾

2. Isa bagang kamangha-manghang bagay para sa

أَكَانَ لِلنَّاسِ عَجَبًا أَنْ أَوْحَيْنَآ إِلَىٰ رَجُلٍ

sangkatauhan na Aming ipinahayag ang Inspirasyon sa isang tao mula sa kanilang lipon (alalaong baga, si Propeta Muhammad)? Na kanyang paalalahanan ang sangkatauhan (sa nalalapit na kaparusahan sa Impiyerno), at magparating ng mabuting balita sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Kanyang Propetang si Muhammad), na kanilang tatamuhin mula sa kanilang Panginoon ang isang (matibay) na rurok ng karangalan (dahil sa kanilang mababuting gawa)? (Datapuwa't) ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Ito ay tunay at isang maliwanag na panggagaway!"

مِنْهُمْ أَنْ أَنذِرِ ٱلنَّاسَ وَبَشِّرِ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ أَنَّ لَهُمْ قَدَمَ صِدْقٍ عِندَ رَبِّهِمْ ۗ قَالَ ٱلْكَٰفِرُونَ إِنَّ هَٰذَا لَسَٰحِرٌ مُّبِينٌ ﴿٢﴾

3. Katotohanan, ang inyong Panginoon ay si Allah, na lumikha sa mga kalangitan at kalupaan sa anim na Araw, at (Siya) ay nag-*Istawa* (pumaibabaw) sa Kanyang *'Arsh* (Luklukan o Trono), na nagpapatupad at nagpapagalaw sa mga pangyayari ng lahat ng bagay. Walang sinuman ang makakapamagitan sa Kanya malibang Kanyang pahintulutan. Siya si Allah, ang inyong Panginoon, kaya't tanging sambahin lamang Siya. Kung gayon, kayo ba ay walang pag-aala-ala?

إِنَّ رَبَّكُمُ ٱللَّهُ ٱلَّذِى خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ فِى سِتَّةِ أَيَّامٍ ثُمَّ ٱسْتَوَىٰ عَلَى ٱلْعَرْشِ ۖ يُدَبِّرُ ٱلْأَمْرَ ۖ مَا مِن شَفِيعٍ إِلَّا مِنۢ بَعْدِ إِذْنِهِۦ ۚ ذَٰلِكُمُ ٱللَّهُ رَبُّكُمْ فَٱعْبُدُوهُ ۚ أَفَلَا تَذَكَّرُونَ ﴿٣﴾

4. Sa Kanya ang pagbabalik ninyong lahat. Ang pangako ni Allah ay tunay at tiyak. Siya ang nagpasimula ng paglikha at muli Niyang uulitin ito, upang Kanyang magantimpalaan ng may katarungan ang mga sumasampalataya (sa Islam at sa Kanyang Kaisahan) at nagsisigawa ng kabutihan. Datapuwa't sila na nagtatakwil sa Kanya ay makakalasap ng kumukulong inumin at kasakit-sakit na kaparusahan dahilan sa kanilang pagsalungat (hindi pagsampalataya) sa Kanya.

إِلَيْهِ مَرْجِعُكُمْ جَمِيعًا ۖ وَعْدَ ٱللَّهِ حَقًّا ۚ إِنَّهُۥ يَبْدَؤُا۟ ٱلْخَلْقَ ثُمَّ يُعِيدُهُۥ لِيَجْزِىَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ بِٱلْقِسْطِ ۚ وَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لَهُمْ شَرَابٌ مِّنْ حَمِيمٍ وَعَذَابٌ أَلِيمٌۢ بِمَا كَانُوا۟ يَكْفُرُونَ ﴿٤﴾

5. Siya ang lumikha sa araw bilang isang kumikislap na bagay at sa buwan bilang isang liwanag at Kanyang itinakda rito ang iba't ibang anyo (o sukat sa bawat antas ng pag-inog, alalaong baga, ang hugis ng buwan mula sa paglitaw hanggang sa kabilugan nito) upang inyong maalaman (at mabilang) ang mga taon (at buwan) at mapagbalikan ang panahon (na

هُوَ ٱلَّذِى جَعَلَ ٱلشَّمْسَ ضِيَآءً وَٱلْقَمَرَ نُورًا وَقَدَّرَهُۥ مَنَازِلَ لِتَعْلَمُوا۟ عَدَدَ ٱلسِّنِينَ وَٱلْحِسَابَ ۚ مَا خَلَقَ ٱللَّهُ ذَٰلِكَ إِلَّا بِٱلْحَقِّ ۚ يُفَصِّلُ ٱلْءَايَٰتِ لِقَوْمٍ يَعْلَمُونَ ﴿٥﴾

nakaraan). Hindi ito nilikha ni Allah maliban sa katotohanan at katampatan. Kaya't sa ganito Niya ipinapaliwanag nang masusi ang Kanyang *Ayat* (mga tanda, katibayan, talata, aral, kapahayagan) sa mga tao na may pang-unawa.

إِنَّ فِي ٱخْتِلَٰفِ ٱلَّيْلِ وَٱلنَّهَارِ وَمَا خَلَقَ ٱللَّهُ فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ لَءَايَٰتٍ لِّقَوْمٍ يَتَّقُونَ ﴿٦﴾

6. Katotohanan! Ang pagpapalitan ng gabi at araw at ang lahat ng mga nilikha ni Allah sa mga kalangitan at kalupaan ay *Ayat* (mga tanda, katibayan, talata, aral) sa mga tao na may pangangamba kay Allah.

إِنَّ ٱلَّذِينَ لَا يَرْجُونَ لِقَآءَنَا وَرَضُوا۟ بِٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا وَٱطْمَأَنُّوا۟ بِهَا وَٱلَّذِينَ هُمْ عَنْ ءَايَٰتِنَا غَٰفِلُونَ ﴿٧﴾

7. Katotohanan, sila na hindi umaasam ng pakikipagtipan sa Amin at nararahuyo at nasisiyahan lamang sa pangkasalukuyang buhay sa mundong ito, at hindi nagbibigay ng pagpapahalaga sa Aming *Ayat* (mga tanda, katibayan, talata, aral),

أُو۟لَٰٓئِكَ مَأْوَىٰهُمُ ٱلنَّارُ بِمَا كَانُوا۟ يَكْسِبُونَ ﴿٨﴾

8. Ang kanilang hantungan ay Apoy, na siyang bunga ng kasamaan na kanilang ginagawa.

إِنَّ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ يَهْدِيهِمْ رَبُّهُم بِإِيمَٰنِهِمْ ۖ تَجْرِى مِن تَحْتِهِمُ ٱلْأَنْهَٰرُ فِى جَنَّٰتِ ٱلنَّعِيمِ ﴿٩﴾

9. Katotohanan, sila na sumasampalataya (sa Islam) at nagsisigawa ng kabutihan, ang kanilang Panginoon ang mamamatnubay sa kanilang Pananalig; sa kanilang ibaba ay magsisidaloy ang mga ilog sa Hardin ng Kasiyahan (Paraiso).

دَعْوَىٰهُمْ فِيهَا سُبْحَٰنَكَ ٱللَّهُمَّ وَتَحِيَّتُهُمْ فِيهَا سَلَٰمٌ ۚ وَءَاخِرُ دَعْوَىٰهُمْ أَنِ ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿١٠﴾

10. Ang kanilang panambitan dito ay: "*Subhanaka Allahumma* (Luwalhatiin Kayo, O Allah)!" at "*Salamun* (Kapayapaan)" ang kanilang magiging batian dito (sa Paraiso), at ang panghuli sa kanilang panambitan ay: "*Alhamdu Lillahi Rabb-il Alamin* (Ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay kay Allah, ang Panginoon [Tagapanustos at Tagapagtangkilik] ng lahat ng mga nilalang)!"

وَلَوْ يُعَجِّلُ ٱللَّهُ لِلنَّاسِ ٱلشَّرَّ ٱسْتِعْجَالَهُم بِٱلْخَيْرِ لَقُضِىَ إِلَيْهِمْ أَجَلُهُمْ ۚ فَنَذَرُ ٱلَّذِينَ لَا يَرْجُونَ لِقَآءَنَا فِى طُغْيَٰنِهِمْ يَعْمَهُونَ ﴿١١﴾

11. At kung mamadaliin lamang ni Allah para sa sangkatauhan ang kasamaan (na kanilang ginawa dahil sa galit o kawalan ng pagsunod), kung paano Niya minamadali para sa kanila ang mabuti, ang kanilang palugit (o hantungan) ay naganap na sana para sa kanila. Datapuwa't hinayaan Namin ang mga tao na hindi umaasa ng pakikipagtipan sa Amin sa kanilang

pagmamalabis (sa pagsuway) na gumagala na parang bulag (sa pagkaguliham).

وَإِذَا مَسَّ ٱلْإِنسَٰنَ ٱلضُّرُّ دَعَانَا لِجَنۢبِهِۦٓ أَوْ قَاعِدًا أَوْ قَآئِمًا فَلَمَّا كَشَفْنَا عَنْهُ ضُرَّهُۥ مَرَّ كَأَن لَّمْ يَدْعُنَآ إِلَىٰ ضُرٍّ مَّسَّهُۥ كَذَٰلِكَ زُيِّنَ لِلْمُسْرِفِينَ مَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿١٢﴾

12. At kung ang kasahulan (kasiphayuan) ay dumatal sa tao, siya ay naninikluhod sa Amin, na nakahimlay sa kanyang tagiliran, o nakaupo o nakatayo. Datapuwa't kapag napawi na Namin sa kanya ang kasiphayuan, siya ay nagpapatuloy sa (kanyang pagsuway) na wari bang Kami ay hindi niya pinanikluhuran upang (pawiin) ang kasahulan na sumaling sa kanya! Kaya't ang anuman na kanilang ginagawa ay pinalabas na kalugud-lugod sa *Musrifun* (sila na nagpapabulaan kay Allah at sa Kanyang mga Propeta at lumalabag sa batas ni Allah).

وَلَقَدْ أَهْلَكْنَا ٱلْقُرُونَ مِن قَبْلِكُمْ لَمَّا ظَلَمُوا۟ وَجَآءَتْهُمْ رُسُلُهُم بِٱلْبَيِّنَٰتِ وَمَا كَانُوا۟ لِيُؤْمِنُوا۟ كَذَٰلِكَ نَجْزِى ٱلْقَوْمَ ٱلْمُجْرِمِينَ ﴿١٣﴾

13. Katotohanang Aming winasak ang mga henerasyon na nauna sa inyo nang sila ay nagsigawa ng kamalian (nagpapabulaan kay Allah at sa Kanyang mga Propeta at lumalabag sa batas ni Allah), samantalang ang kanilang mga Sugo ay dumatal sa kanila na may mga maliwanag na Tanda (Katibayan), datapuwa't sila ay hindi nagsisampalataya! Kaya't sa ganito Namin ginagantihan ang *Mujrimun* (mga walang pananalig, makasalanan, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, pagano, tampalasan).

ثُمَّ جَعَلْنَٰكُمْ خَلَٰٓئِفَ فِى ٱلْأَرْضِ مِنۢ بَعْدِهِمْ لِنَنظُرَ كَيْفَ تَعْمَلُونَ ﴿١٤﴾

14. At Aming ginawa kayo na mga tagapagmana sa kalupaan matapos (ang kanilang henerasyon sa maraming sali't saling lahi) upang mapagmalas Namin kung paano kayo magsisigawa!

وَإِذَا تُتْلَىٰ عَلَيْهِمْ ءَايَاتُنَا بَيِّنَٰتٍ قَالَ ٱلَّذِينَ لَا يَرْجُونَ لِقَآءَنَا ٱئْتِ بِقُرْءَانٍ غَيْرِ هَٰذَآ أَوْ بَدِّلْهُ ۚ قُلْ مَا يَكُونُ لِىٓ أَنْ أُبَدِّلَهُۥ مِن تِلْقَآئِ نَفْسِىٓ ۖ إِنْ أَتَّبِعُ إِلَّا مَا يُوحَىٰٓ إِلَىَّ ۖ إِنِّىٓ أَخَافُ إِنْ عَصَيْتُ رَبِّى عَذَابَ يَوْمٍ عَظِيمٍ ﴿١٥﴾

15. At kung ang Aming maliliwanag na *Ayat* (mga Talata, aral, kapahayagan) ay ipinahahayag sa kanila, sila na hindi umaasam ng pakikipagtipan sa Amin ay nagsasabi: "Dalhin mo sa amin ang Qur'an na iba pa rito, o (iyong) baguhin ito''. Ipagbadya (O Muhammad): "Wala sa akin ang kapamahalaan upang baguhin ito, sinusunod ko lamang kung ano ang ipinahayag sa akin. Katotohanan, kung ako ay susuway sa aking Panginoon, ako ay nangangamba sa kaparusahan ng Katakut-takot na Araw (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay)."

قُل لَّوْ شَآءَ ٱللَّهُ مَا تَلَوْتُهُۥ عَلَيْكُمْ وَلَآ أَدْرَىٰكُم بِهِۦ ۖ فَقَدْ لَبِثْتُ فِيكُمْ عُمُرًا مِّن قَبْلِهِۦٓ ۖ أَفَلَا تَعْقِلُونَ ﴿١٦﴾

16. Ipagbadya (O Muhammad): "Kung ninais (lamang) ni Allah, hindi ko sana ito ipinahayag sa inyo, gayundin naman ay hindi Niya ito ipapaalam sa inyo. Katotohanang ako ay pumisan sa inyo sa aking habambuhay bago pa (dumatal) ito. Wala baga kayong pang-unawa?"

فَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّنِ ٱفْتَرَىٰ عَلَى ٱللَّهِ كَذِبًا أَوْ كَذَّبَ بِـَٔايَـٰتِهِۦٓ ۚ إِنَّهُۥ لَا يُفْلِحُ ٱلْمُجْرِمُونَ ﴿١٧﴾

17. Sino pa ba kaya ang higit na gumagawa ng kamalian maliban sa kanya na kumakatha ng kasinungalingan laban kay Allah o nagtatatwa sa Kanyang *Ayat* (mga tanda, katibayan, talata, aral, kapahayagan)? Katotohanan, ang *Mujrimun* (mga makasalanan, walang pananampalataya, kriminal, pagano, mapagsamba sa mga diyus-diyosan) ay hindi magtatagumpay!

وَيَعْبُدُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ مَا لَا يَضُرُّهُمْ وَلَا يَنفَعُهُمْ وَيَقُولُونَ هَـٰٓؤُلَآءِ شُفَعَـٰٓؤُنَا عِندَ ٱللَّهِ ۚ قُلْ أَتُنَبِّـُٔونَ ٱللَّهَ بِمَا لَا يَعْلَمُ فِى ٱلسَّمَـٰوَٰتِ وَلَا فِى ٱلْأَرْضِ ۚ سُبْحَـٰنَهُۥ وَتَعَـٰلَىٰ عَمَّا يُشْرِكُونَ ﴿١٨﴾

18. At sila ay sumasamba sa iba maliban pa kay Allah, sa mga bagay na hindi makapipinsala sa kanila o makapagbibigay sa kanila ng kapakinabangan, at sila ay nagsasabi: "Ito ang aming mga tagapamagitan kay Allah". Ipagbadya: "Kayo baga ay magsasabi ng mga bagay na hindi nababatid ni Allah sa mga kalangitan at kalupaan?" Luwalhatiin Siya! Higit Siyang Mataas sa Lahat ng mga itinatambal nila sa Kanya!

وَمَا كَانَ ٱلنَّاسُ إِلَّآ أُمَّةً وَٰحِدَةً فَٱخْتَلَفُوا۟ ۚ وَلَوْلَا كَلِمَةٌ سَبَقَتْ مِن رَّبِّكَ لَقُضِىَ بَيْنَهُمْ فِيمَا فِيهِ يَخْتَلِفُونَ ﴿١٩﴾

19. At ang sangkatauhan (noon) ay isa lamang pamayanan (alalaong baga, may isang pananampalataya lamang sa nag-iisang Diyos, at sa isang relihiyon, ang Islam), (ngunit) pagkaraan (ng mga panahon) sila ay nagkahidwa-hidwa. At kung hindi (lamang) sa Salita na nanggaling (noong pang una) mula sa inyong Panginoon, (ang kanilang pagkakahidwa-hidwa) ay napagpasyahan na sana (nang mabilis) sa pagitan nila tungkol sa bagay na hindi nila pinagkakasunduan.

وَيَقُولُونَ لَوْلَآ أُنزِلَ عَلَيْهِ ءَايَةٌ مِّن رَّبِّهِۦ ۖ فَقُلْ إِنَّمَا ٱلْغَيْبُ لِلَّهِ فَٱنتَظِرُوٓا۟ ۖ إِنِّى مَعَكُم مِّنَ ٱلْمُنتَظِرِينَ ﴿٢٠﴾

20. At sila (mga hindi nananampalataya) ay nagsasabi: "Bakit kaya hindi ipinanaog sa kanya ang anumang Tanda (na nakikita) mula sa kanyang Panginoon?" Ipagbadya: "Ang bagay na nalilingid ay angkin lamang ni Allah. Kaya't kayo ay maghintay, ako rin ay maghihintay na kasama ninyo (sa paghuhukom ni Allah)."

21. At kapag hinayaan Naming lumasap ang mga tao (mga hindi sumasampalataya) ng habag (mula sa Amin) matapos ang kagipitan ay dumatal sa kanila, karaka-raka, sila ay nagbabalak nang masama (nagpapabulaan) laban sa Aming *Ayat* (mga tanda, katibayan, talata, aral)! Ipagbadya: "Si Allah ay Higit na Maagap sa pagbabalak (ng pakana)!" Katotohanan, ang Aming mga Sugo (mga anghel) ay nagtatala ng lahat ng inyong binabalak na masama.

وَإِذَآ أَذَقْنَا ٱلنَّاسَ رَحْمَةً مِّنۢ بَعْدِ ضَرَّآءَ مَسَّتْهُمْ إِذَا لَهُم مَّكْرٌ فِىٓ ءَايَاتِنَا ۚ قُلِ ٱللَّهُ أَسْرَعُ مَكْرًا ۚ إِنَّ رُسُلَنَا يَكْتُبُونَ مَا تَمْكُرُونَ ﴿٢١﴾

22. Siya (Allah) ang nagpapahintulot upang matahak ninyo ang kalupaan at karagatan, at nang kayo ay nakasakay na sa barko, kayo ay naglalayag sa kaaya-ayang ihip ng hangin, at kayo ay nagsisipagsaya dahil dito. (At nangyari) na dumating ang nag-aalimpuyong hangin (unos) at mga malalaking alon sa kanilang paligid, at nang napag-akala nila na sila ay lalagumin na (ng dagat) ay pinanikluhuran nila si Allah nang matapat at tangi lamang sa Kanya, na nagsasabi: "Kung kami ay Inyong ililigtas, kami ay tunay na tatanaw ng utang na loob ng pasasalamat!"

هُوَ ٱلَّذِى يُسَيِّرُكُمْ فِى ٱلْبَرِّ وَٱلْبَحْرِ ۖ حَتَّىٰٓ إِذَا كُنتُمْ فِى ٱلْفُلْكِ وَجَرَيْنَ بِهِم بِرِيحٍ طَيِّبَةٍ وَفَرِحُوا۟ بِهَا جَآءَتْهَا رِيحٌ عَاصِفٌ وَجَآءَهُمُ ٱلْمَوْجُ مِن كُلِّ مَكَانٍ وَظَنُّوٓا۟ أَنَّهُمْ أُحِيطَ بِهِمْ ۙ دَعَوُا۟ ٱللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ ٱلدِّينَ لَئِنْ أَنجَيْتَنَا مِنْ هَٰذِهِۦ لَنَكُونَنَّ مِنَ ٱلشَّٰكِرِينَ ﴿٢٢﴾

23. Datapuwa't nang sila ay mailigtas na Niya, kapagkaraka, sila ay nagsilabag (sa pag-uutos ni Allah, sa pamamagitan ng pang-aapi, pagsuway at pagsamba sa mga iba pa bukod pa kay Allah) sa kalupaan ng walang katuwiran! O sangkatauhan, katotohanang ang inyong paghihimagsik (pagsuway kay Allah) ay isa lamang kasahulan ng inyong sariling kaluluwa, - isang maigsing pagsasaya (sa pangkasalukuyang buhay) sa mundong ito, at pagkaraan, sa Amin ang inyong pagbabalik, at ipababatid Namin sa inyo ang katotohanan ng inyong ginagawa.

فَلَمَّآ أَنجَىٰهُمْ إِذَا هُمْ يَبْغُونَ فِى ٱلْأَرْضِ بِغَيْرِ ٱلْحَقِّ ۗ يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ إِنَّمَا بَغْيُكُمْ عَلَىٰٓ أَنفُسِكُم ۖ مَّتَٰعَ ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا ۖ ثُمَّ إِلَيْنَا مَرْجِعُكُمْ فَنُنَبِّئُكُم بِمَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٢٣﴾

24. Katotohanan, ang kahalintulad ng pangkasalukuyang buhay sa mundong ito ay tulad ng ulan na pinamalisbis Namin mula sa alapaap, na sinisipsip ng mga halaman sa kalupaan (at ito ay naghatid ng mga pag-aani ng maraming bunga) na nagsisilbing pagkain ng mga tao at mga hayop; hanggang nang ang

إِنَّمَا مَثَلُ ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا كَمَآءٍ أَنزَلْنَٰهُ مِنَ ٱلسَّمَآءِ فَٱخْتَلَطَ بِهِۦ نَبَاتُ ٱلْأَرْضِ مِمَّا يَأْكُلُ ٱلنَّاسُ وَٱلْأَنْعَٰمُ ۖ حَتَّىٰٓ إِذَآ أَخَذَتِ ٱلْأَرْضُ زُخْرُفَهَا وَٱزَّيَّنَتْ وَظَنَّ أَهْلُهَآ أَنَّهُمْ

kalupaan ay mapuspos ng ginintuang pahiyas at kagandahan; ang mga tao (na nagmamay-ari nito) ay nag-akala na sila ay may kakayahan tungkol dito. (At nangyari) ang Aming pag-uutos ay sumapit dito sa gabi o sa araw, at ginawa Namin ito na matugnas (alalaong baga, nabunot lahat ang mga tanim o naputol ang mga ugat, samakatuwid ito ay nagasak at nasira), na wari bang ito ay hindi nanagana kahapon (lamang). Kaya't sa ganito Namin ipinapaliwanag ang *Ayat* (mga tanda, katibayan, talata, aral) nang masinsinan sa mga tao na may pagmumuni-muni.

فَدِرُونَ عَلَيْهَآ أَتَىٰهَآ أَمْرُنَا لَيْلًا أَوْ نَهَارًا فَجَعَلْنَٰهَا حَصِيدًا كَأَن لَّمْ تَغْنَ بِٱلْأَمْسِ ۚ كَذَٰلِكَ نُفَصِّلُ ٱلْءَايَٰتِ لِقَوْمٍ يَتَفَكَّرُونَ ﴿٢٤﴾

25. Si Allah ay nananawagan tungo sa Tahanan ng Kapayapaan (Paraiso). Pinapatnubayan Niya ang sinumang Kanyang maibigan sa Matuwid na Landas (ang Islam).

وَٱللَّهُ يَدْعُوٓا۟ إِلَىٰ دَارِ ٱلسَّلَٰمِ ۖ وَيَهْدِى مَن يَشَآءُ إِلَىٰ صِرَٰطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿٢٥﴾

26. Sa mga nagsigawa ng kabutihan (alalaong baga, sumampalataya at sumamba lamang kay Allah) ay may mabuting gantimpala (alalaong baga, ang Paraiso), tunay, may higit pa rito (alalaong baga, ang pagkakaroon ng karangalan na mamalas ang Mukha ni Allah)! Walang anumang kadiliman o alikabok at kahihiyan ang lalambong sa kanilang mukha! Sila ang magsisitahan sa Paraiso upang manatili rito magpakailanman.

۞ لِلَّذِينَ أَحْسَنُوا۟ ٱلْحُسْنَىٰ وَزِيَادَةٌ ۖ وَلَا يَرْهَقُ وُجُوهَهُمْ قَتَرٌ وَلَا ذِلَّةٌ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلْجَنَّةِ ۖ هُمْ فِيهَا خَٰلِدُونَ ﴿٢٦﴾

27. At sa mga nagsigawa ng kasamaan (alalaong baga, hindi sumampalataya at hindi rin sumamba kay Allah), ang kabayaran ng kasamaan ay (katumbas) na kasamaan din, at isang kaaba-abang kahihiyan ang tatakip sa kanilang mukha. Walang sinumang tagapagtanggol ang maaasahan nila mula kay Allah. Ang kanilang mukha ay matatakpan na tila ba mula sa mga piraso ng kadiliman ng gabi (sa kaitiman). Sila ang magsisitahan sa Apoy (Impiyerno), mananatili sila rito magpakailanman.

وَٱلَّذِينَ كَسَبُوا۟ ٱلسَّيِّـَٔاتِ جَزَآءُ سَيِّئَةٍ بِمِثْلِهَا وَتَرْهَقُهُمْ ذِلَّةٌ ۖ مَّا لَهُم مِّنَ ٱللَّهِ مِنْ عَاصِمٍ ۖ كَأَنَّمَآ أُغْشِيَتْ وُجُوهُهُمْ قِطَعًا مِّنَ ٱلَّيْلِ مُظْلِمًا ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلنَّارِ ۖ هُمْ فِيهَا خَٰلِدُونَ ﴿٢٧﴾

28. At (banggitin mo, O Muhammad) ang Araw na silang lahat ay Aming titipunin, at ipagsasaysay Namin sa kanila na nagtatambal ng iba pang diyos kay Allah: "(Manatili) kayo sa

وَيَوْمَ نَحْشُرُهُمْ جَمِيعًا ثُمَّ نَقُولُ لِلَّذِينَ أَشْرَكُوا۟ مَكَانَكُمْ أَنتُمْ وَشُرَكَآؤُكُمْ ۚ فَزَيَّلْنَا بَيْنَهُمْ ۖ وَقَالَ

inyong lugar! Kayo at ang inyong mga sinamba (sa mundo).” At sila ay Aming ibubukod (sa mga nananampalataya); at ang kanilang itinuturing na mga katambal ay magsasabi: “Hindi kami yaong inyong sinamba!

شُرَكَآؤُكُمْ مَّا كُنتُمْ إِيَّانَا تَعْبُدُونَ ﴿٢٨﴾

29. Sapat na si Allah bilang saksi sa pagitan natin, katotohanang wala kaming kaalaman sa inyong pagsamba sa amin!”

فَكَفَىٰ بِٱللَّهِ شَهِيدًۢا بَيْنَنَا وَبَيْنَكُمْ إِن كُنَّا عَنْ عِبَادَتِكُمْ لَغَـٰفِلِينَ ﴿٢٩﴾

30. Dito! Ang lahat ng tao ay makababatid (nang buong ganap) sa naging bunga ng kanilang mga gawa noon, at sila ay ibabalik kay Allah, ang kanilang Tunay na Tagapangalaga (Panginoon), at ang kanilang huwad na mga diyus-diyosan ay maglalaho sa kanilang harapan.

هُنَالِكَ تَبْلُوا۟ كُلُّ نَفْسٍ مَّآ أَسْلَفَتْ ۚ وَرُدُّوٓا۟ إِلَى ٱللَّهِ مَوْلَىٰهُمُ ٱلْحَقِّ ۖ وَضَلَّ عَنْهُم مَّا كَانُوا۟ يَفْتَرُونَ ﴿٣٠﴾

31. Ipagbadya: “Sino ang nagkakaloob sa inyo (ng mga panustos) mula sa langit at mula sa lupa? O sino baga ang nagmamay-ari ng pandinig at paningin? At sino baga ang nagpapanumbalik ng buhay mula sa mga patay at ng patay sa pagkabuhay? At sino baga ang namamahala sa lahat ng pangyayari ng mga bagay-bagay? Sila ay kagyat na magsasabi: “Si Allah’’. Ipagbadya: “Hindi baga kayo nangangamba sa kaparusahan ni Allah (sa inyong pag-aakibat ng mga katambal sa Kanya sa pagsamba)?”

قُلْ مَن يَرْزُقُكُم مِّنَ ٱلسَّمَآءِ وَٱلْأَرْضِ أَمَّن يَمْلِكُ ٱلسَّمْعَ وَٱلْأَبْصَـٰرَ وَمَن يُخْرِجُ ٱلْحَىَّ مِنَ ٱلْمَيِّتِ وَيُخْرِجُ ٱلْمَيِّتَ مِنَ ٱلْحَىِّ وَمَن يُدَبِّرُ ٱلْأَمْرَ ۚ فَسَيَقُولُونَ ٱللَّهُ ۚ فَقُلْ أَفَلَا تَتَّقُونَ ﴿٣١﴾

32. Siya si Allah, ang tunay ninyong Panginoon (ang Tagapanustos at Tagapagtangkilik). At matapos ang Katotohanan, ano pa ang malalabi rito maliban sa pagkaligaw? Paano kayo kung gayon napalayo (sa tamang landas)?

فَذَٰلِكُمُ ٱللَّهُ رَبُّكُمُ ٱلْحَقُّ ۖ فَمَاذَا بَعْدَ ٱلْحَقِّ إِلَّا ٱلضَّلَـٰلُ ۖ فَأَنَّىٰ تُصْرَفُونَ ﴿٣٢﴾

33. Kaya’t ito ang Salita (ang Pag-uutos) na makatuwiran ng iyong Panginoon (na ipinatupad) laban sa mga naghihimagsik (sumusuway kay Allah), katotohanang sila ay hindi mananampalataya (sa Kaisahan ni Allah at kay Muhammad bilang Sugo ni Allah).

كَذَٰلِكَ حَقَّتْ كَلِمَتُ رَبِّكَ عَلَى ٱلَّذِينَ فَسَقُوٓا۟ أَنَّهُمْ لَا يُؤْمِنُونَ ﴿٣٣﴾

34. Ipagbadya: “Mayroon kaya baga sa mga diyus-diyosan na itinatambal ninyo kay Allah ang nagpasimula ng paglikha at

قُلْ هَلْ مِن شُرَكَآئِكُم مَّن يَبْدَؤُا۟ ٱلْخَلْقَ ثُمَّ يُعِيدُهُۥ ۚ قُلِ ٱللَّهُ يَبْدَؤُا۟ ٱلْخَلْقَ ثُمَّ يُعِيدُهُۥ ۖ فَأَنَّىٰ

magpapanumbalik nito?" Ipagbadya: "Si Allah ang nagpasimula ng paglikha at muling magpapanumbalik nito. Kung gayon, paano kayo napaligaw nang malayo (sa katotohanan)?"

تُؤْفَكُونَ ﴿٣٤﴾

35. Ipagbadya: "Mayroon kaya baga sa mga diyus-diyosan na itinatambal ninyo kay Allah ang makakapamatnubay sa inyo sa Katotohanan?" Ipagbadya: "Si Allah, Siya ang namamatnubay sa Katotohanan. Siya kaya na nakakapamatnubay sa Katotohanan ay higit na may karapatan upang sundin o siya kaya na hindi nakakapamatnubay sa kanyang sarili maliban na siya ay patnubayan? Kung gayon, ano ang nangyayari sa inyo? Paano kayo humahatol?"

قُلْ هَلْ مِن شُرَكَآئِكُم مَّن يَهْدِىٓ إِلَى ٱلْحَقِّ ۚ قُلِ ٱللَّهُ يَهْدِى لِلْحَقِّ ۗ أَفَمَن يَهْدِىٓ إِلَى ٱلْحَقِّ أَحَقُّ أَن يُتَّبَعَ أَمَّن لَّا يَهِدِّىٓ إِلَّآ أَن يُهْدَىٰ ۖ فَمَا لَكُمْ كَيْفَ تَحْكُمُونَ ﴿٣٥﴾

36. At ang karamihan sa kanila (mga *Mushrik*) ay sumusunod sa wala bagkus ay mga haka-haka lamang. Katiyakan, ang mga haka-haka ay hindi makakapanaig sa Katotohanan. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakababatid ng lahat ng kanilang ginagawa.

وَمَا يَتَّبِعُ أَكْثَرُهُمْ إِلَّا ظَنًّا ۚ إِنَّ ٱلظَّنَّ لَا يُغْنِى مِنَ ٱلْحَقِّ شَيْـًٔا ۚ إِنَّ ٱللَّهَ عَلِيمٌۢ بِمَا يَفْعَلُونَ ﴿٣٦﴾

37. At itong Qur'an ay hindi maaaring maipahayag ng iba maliban pa kay Allah (ang Panginoon ng mga kalangitan at kalupaan), bagkus ito ang nagpapatunay ng kapahayagan (rebelasyon) na dumating noong pang una (alalaong baga, ang *Torah* [mga Batas], Ebanghelyo, atbp.), at isang ganap na paliwanag sa Aklat (alalaong baga, sa mga batas at alituntunin na ipinag-utos sa sangkatauhan), na rito ay walang alinlangan mula sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang.

وَمَا كَانَ هَٰذَا ٱلْقُرْءَانُ أَن يُفْتَرَىٰ مِن دُونِ ٱللَّهِ وَلَٰكِن تَصْدِيقَ ٱلَّذِى بَيْنَ يَدَيْهِ وَتَفْصِيلَ ٱلْكِتَٰبِ لَا رَيْبَ فِيهِ مِن رَّبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٣٧﴾

38. O sila ba ay nagsasabi: "Siya (Muhammad) ay kumatha lamang nito?" Ipagbadya: "Dalhin ninyo kung gayon ang isang *Surah* (kabanata) na katulad nito, at tawagin ninyo kung sinuman ang inyong nais maliban kay Allah, kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan!"

أَمْ يَقُولُونَ ٱفْتَرَىٰهُ ۖ قُلْ فَأْتُوا۟ بِسُورَةٍ مِّثْلِهِۦ وَٱدْعُوا۟ مَنِ ٱسْتَطَعْتُم مِّن دُونِ ٱللَّهِ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿٣٨﴾

39. Datapuwa't kanilang itinakwil (ang kaalaman) sa mga bagay na hindi naaabot ng kanilang karununga, at ang paliwanag dito ay

بَلْ كَذَّبُوا۟ بِمَا لَمْ يُحِيطُوا۟ بِعِلْمِهِۦ وَلَمَّا يَأْتِهِمْ تَأْوِيلُهُۥ ۚ كَذَٰلِكَ كَذَّبَ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ

hindi pa dumarating sa kanila. Sa ganitong paraan, kung paano yaong mga nanga-una sa kanila ay nagsipagtakwil. Kaya't iyong pagmasdan kung ano ang kinasapitan ng *Zalimun* (mga mapaggawa ng kabuktutan, mapagsamba sa mga diyus-diyosan)!

فَٱنظُرْ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٣٩﴾

40. At ang ilan sa kanila ay sumasampalataya rito, datapuwa't ang iba ay hindi sumasampalataya rito, at ang iyong Panginoon ay Ganap na Nakababatid kung sino ang *Mufsidun* (mga mapaggawa ng kasamaan, sinungaling, buktot).

وَمِنْهُم مَّن يُؤْمِنُ بِهِۦ وَمِنْهُم مَّن لَّا يُؤْمِنُ بِهِۦ ۚ وَرَبُّكَ أَعْلَمُ بِٱلْمُفْسِدِينَ ﴿٤٠﴾

41. At kung ikaw (O Muhammad) ay kanilang pabulaanan, iyong ipagbadya: "Sa akin ang aking mga gawa at sa inyo ang inyong mga gawa! Kayo ay hiwalay (walang pananagutan) sa aking mga ginagawa at ako rin ay hiwalay (walang pananagutan) sa inyong mga ginagawa!"

وَإِن كَذَّبُوكَ فَقُل لِّى عَمَلِى وَلَكُمْ عَمَلُكُمْ ۖ أَنتُم بَرِيٓـُٔونَ مِمَّآ أَعْمَلُ وَأَنَا۠ بَرِىٓءٌ مِّمَّا تَعْمَلُونَ ﴿٤١﴾

42. At ang ilan sa kanila ay dumirinig sa iyo (O Muhammad), subalit kaya mo bang gawin na ang bingi ay makarinig, kahit na sila ay walang pang-unawa?

وَمِنْهُم مَّن يَسْتَمِعُونَ إِلَيْكَ ۚ أَفَأَنتَ تُسْمِعُ ٱلصُّمَّ وَلَوْ كَانُوا۟ لَا يَعْقِلُونَ ﴿٤٢﴾

43. At ang ilan sa kanila ay nagmamasid sa iyo (O Muhammad), subalit kaya mo bang patnubayan ang bulag, kahit na sila ay hindi nakakakita?

وَمِنْهُم مَّن يَنظُرُ إِلَيْكَ ۚ أَفَأَنتَ تَهْدِى ٱلْعُمْىَ وَلَوْ كَانُوا۟ لَا يُبْصِرُونَ ﴿٤٣﴾

44. Katotohanan! Si Allah ay hindi nagpalungi sa sangkatauhan sa anupaman, datapuwa't ang sangkatauhan ang nagpalungi (nagligaw) sa kanilang sarili.

إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَظْلِمُ ٱلنَّاسَ شَيْـًٔا وَلَٰكِنَّ ٱلنَّاسَ أَنفُسَهُمْ يَظْلِمُونَ ﴿٤٤﴾

45. At sa Araw na sila ay Kanyang titipunin (sa muling pagbangon), dito nila mapagtatanto na wari bang sila ay namalagi lamang ng isang oras sa isang araw (sa buhay sa mundong ito). Mapagkikilala nila ang isa't isa. Tunay na hindi magtatagumpay ang mga nagtatakwil sa pakikipagtipan kay Allah, at sila ay hindi napapatnubayan.

وَيَوْمَ يَحْشُرُهُمْ كَأَن لَّمْ يَلْبَثُوٓا۟ إِلَّا سَاعَةً مِّنَ ٱلنَّهَارِ يَتَعَارَفُونَ بَيْنَهُمْ ۚ قَدْ خَسِرَ ٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِلِقَآءِ ٱللَّهِ وَمَا كَانُوا۟ مُهْتَدِينَ ﴿٤٥﴾

46. At kahit na ipamalas Namin sa iyo (O Muhammad) ang ilan sa mga ipinangako Namin sa kanila (na kaparusahan), - o bawiin Namin

وَإِمَّا نُرِيَنَّكَ بَعْضَ ٱلَّذِى نَعِدُهُمْ أَوْ نَتَوَفَّيَنَّكَ فَإِلَيْنَا مَرْجِعُهُمْ ثُمَّ ٱللَّهُ شَهِيدٌ

ang iyong buhay, - (magkagayunman), sa Amin (pa rin) ang kanilang pagbabalik, at magkagayon (din), si Allah ang saksi tungkol sa kanilang ginagawa.

عَلَىٰ مَا يَفْعَلُونَ ﴿٤٦﴾

47. At sa bawat *Ummah* (isang pamayanan o isang bansa) ay mayroong isang Sugo; kung ang kanilang Sugo ay dumatal, ang mga bagay-bagay ay (kanyang) hahatulan sa pagitan nila ng may katarungan, at sila ay hindi mapapalungi.

وَلِكُلِّ أُمَّةٍ رَّسُولٌ ۖ فَإِذَا جَاءَ رَسُولُهُمْ قُضِيَ بَيْنَهُم بِالْقِسْطِ وَهُمْ لَا يُظْلَمُونَ ﴿٤٧﴾

48. At sila ay nagsasabi: "Kailan kaya magaganap ang pangakong ito (Araw ng Muling Pagkabuhay), - kung kayo ay nagsasaysay ng katotohanan?"

وَيَقُولُونَ مَتَىٰ هَٰذَا الْوَعْدُ إِن كُنتُمْ صَادِقِينَ ﴿٤٨﴾

49. Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay walang kapangyarihan sa aking sarili sa anupamang kasahulan o kapakinabangan maliban sa anumang pahintulutan ni Allah. Sa bawat *Ummah* (isang pamayanan o bansa) ay mayroong natataningang panahon; kung ang katakdaan ay sumapit na, wala ni isang oras (o isang sandali) ang makakaantala rito, o di kaya ay wala ni isang oras (o isang sandali) ang makakapanguna rito.

قُل لَّا أَمْلِكُ لِنَفْسِي ضَرًّا وَلَا نَفْعًا إِلَّا مَا شَاءَ اللَّهُ ۗ لِكُلِّ أُمَّةٍ أَجَلٌ ۚ إِذَا جَاءَ أَجَلُهُمْ فَلَا يَسْتَأْخِرُونَ سَاعَةً وَلَا يَسْتَقْدِمُونَ ﴿٤٩﴾

50. Ipagbadya: "Sabihin ninyo sa akin; kung ang Kanyang kaparusahan ay sumapit sa inyo sa gabi man o maging sa araw, - ano kayang bahagi nito ang mamadaliin ng *Mujrimun* (mga mapaggawa ng kabuktutan, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig, kriminal)?

قُلْ أَرَأَيْتُمْ إِنْ أَتَاكُمْ عَذَابُهُ بَيَاتًا أَوْ نَهَارًا مَّاذَا يَسْتَعْجِلُ مِنْهُ الْمُجْرِمُونَ ﴿٥٠﴾

51. Kayo ba ay magsisipaniwala lamang kung sa wakas ito ay (tunay) na dumatal sa inyo? (Sa kanila ay ipagsasaysay:) "Ngayon (kayo ba ay maniniwala kung kailang huli na ang inyong paniniwala)? Hindi ba kayo noon ay hindi makapaghintay (at ito ay inyong minamadali)?"

أَثُمَّ إِذَا مَا وَقَعَ آمَنتُم بِهِ ۚ آلْآنَ وَقَدْ كُنتُم بِهِ تَسْتَعْجِلُونَ ﴿٥١﴾

52. At sa kanila na nagpalungi sa kanilang sarili ay ipagsasaysay: "Lasapin ninyo ang walang hanggang kaparusahan! Hindi baga kayo ay ginantihan lamang (nang ayon) sa anumang inyong ginawa!"

ثُمَّ قِيلَ لِلَّذِينَ ظَلَمُوا ذُوقُوا عَذَابَ الْخُلْدِ هَلْ تُجْزَوْنَ إِلَّا بِمَا كُنتُمْ تَكْسِبُونَ ﴿٥٢﴾

53. At inuusisa ka nila (O Muhammad) na ipaalam sa kanila, (at sila ay nagsasabi): "Ito ba

۞ وَيَسْتَنبِئُونَكَ أَحَقٌّ هُوَ ۖ قُلْ إِي وَرَبِّي إِنَّهُ لَحَقٌّ ۖ وَمَا أَنتُم بِمُعْجِزِينَ ﴿٥٣﴾

ay totoo (alalaong baga, ang Kaparusahan at ang pagtatatag ng Oras, ang Araw ng Muling Pagkabuhay)?" Ipagbadya: "Tunay nga, ako ay nanunumpa sa (Ngalan) ng aking Panginoon! Ito ang sakdal na katotohanan! At kayo ay hindi makakatakas dito!"

وَلَوْ أَنَّ لِكُلِّ نَفْسٍ ظَلَمَتْ مَا فِي ٱلْأَرْضِ لَٱفْتَدَتْ بِهِۦ ۗ وَأَسَرُّوا۟ ٱلنَّدَامَةَ لَمَّا رَأَوُا۟ ٱلْعَذَابَ ۖ وَقُضِىَ بَيْنَهُم بِٱلْقِسْطِ وَهُمْ لَا يُظْلَمُونَ ﴿٥٤﴾

54. At kung ang bawat kaluluwa na napalungi (sa pamamagitan ng di-paniniwala kay Allah at pagsamba sa mga diyus-diyosan) ay nagtataglay ng lahat ng mga kayamanan na nasa kalupaan, at balakin niyang ipambayad ito (sa kanyang kaligtasan, at ito ay hindi tatanggapin), sila ay nakadarama sa kanilang puso ng pagsisisi nang mapagmalas na nila ang kaparusahan, at sila ay hahatulan nang makatarungan, at walang pagkapalungi (di-katarungan) ang ipapataw sa kanila.

أَلَآ إِنَّ لِلَّهِ مَا فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۗ أَلَآ إِنَّ وَعْدَ ٱللَّهِ حَقٌّ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٥٥﴾

55. Pagmasdan, hindi baga si Allah ang nag-aangkin ng lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan? Hindi baga ang Pangako ni Allah ay totoo. Datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi nakakaunawa.

هُوَ يُحْىِۦ وَيُمِيتُ وَإِلَيْهِ تُرْجَعُونَ ﴿٥٦﴾

56. Siya (Allah) ang tanging nagkakaloob ng buhay, at naggagawad ng kamatayan, at kayong lahat sa Kanya ay magbabalik.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ قَدْ جَآءَتْكُم مَّوْعِظَةٌ مِّن رَّبِّكُمْ وَشِفَآءٌ لِّمَا فِي ٱلصُّدُورِ وَهُدًى وَرَحْمَةٌ لِّلْمُؤْمِنِينَ ﴿٥٧﴾

57. O Sangkatauhan! Dumatal sa inyo ang mabuting pagpapayo (Qur'an) mula sa inyong Panginoon (na nag-uutos ng lahat ng mabuti at nagbabawal ng lahat ng masama), at isang kagalingan (sa sakit ng kawalang-kamuwangan, pag-aalinlangan, pagkukunwari) na nasa inyong dibdib, - isang Patnubay at Habag sa mga sumasampalataya.

قُلْ بِفَضْلِ ٱللَّهِ وَبِرَحْمَتِهِۦ فَبِذَٰلِكَ فَلْيَفْرَحُوا۟ هُوَ خَيْرٌ مِّمَّا يَجْمَعُونَ ﴿٥٨﴾

58. Ipagbadya: "Sa mga Biyaya ni Allah at sa Kanyang Habag (alalaong baga, ang Islam at Qur'an); - dito, hayaang sila ay mangagalak." Ito ay higit na mabuti sa anumang kayamanang kanilang nakamtan.

قُلْ أَرَءَيْتُم مَّآ أَنزَلَ ٱللَّهُ لَكُم مِّن رِّزْقٍ فَجَعَلْتُم مِّنْهُ حَرَامًا وَحَلَٰلًا قُلْ ءَآللَّهُ أَذِنَ لَكُمْ ۖ أَمْ عَلَى ٱللَّهِ تَفْتَرُونَ ﴿٥٩﴾

59. Ipagbadya (O Muhammad, sa mga sumasamba sa diyus-diyosan): "(Sabihin ninyo sa akin): Napagmalas ba ninyo ang mga panustos (na kabuhayan) na ipinanaog sa inyo

ni Allah! At ginawa ninyo ito bilang pinahihintulutan at ipinagbabawal." Ipagbadya (O Muhammad): "Ito ba ay pinahintulutan sa inyo ni Allah (upang gawin ito) o kayo ba ay nagsisigawa ng kasinungalingan laban kay Allah?"

60. At ano ang inaakala ng mga kumakatha ng mga kasinungalingan laban kay Allah, sa Araw ng Muling Pagkabuhay? (Alalaong baga, sila ba ay nag-aakala na sila ay patatawarin at hindi papatawan ng kaparusahan. Hindi, sila ay lalasap ng walang hanggang kaparusahan sa Apoy ng Impiyerno). Katotohanang si Allah ay Tigib ng Biyaya sa sangkatauhan, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay walang utang na loob ng pasasalamat.

وَمَا ظَنُّ ٱلَّذِينَ يَفْتَرُونَ عَلَى ٱللَّهِ ٱلْكَذِبَ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَذُو فَضْلٍ عَلَى ٱلنَّاسِ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَهُمْ لَا يَشْكُرُونَ ﴿٦٠﴾

61. At kung anuman ang ginagawa mo (O Muhammad), at kung anumang bahagi ng Qur'an ang iyong dinadalit, at kung anuman ang ginagawa ninyo (na mabuti o masama), walang pagsala na Kami ang Saksi sa inyo nang ito ay inyong ginagawa. At walang anuman ang nalilingid sa inyong Panginoon kahima't ito ay kasingbigat ng atomo (o kasingliit ng langgam) dito sa kalupaan at kalangitan, gayundin ang anumang maliit kaysa rito o malaki kaysa rito, maliban na ito ay nasa isang maliwanag na Talaan (*Lawhil Mahfuz*).

وَمَا تَكُونُ فِى شَأْنٍ وَمَا تَتْلُوا۟ مِنْهُ مِن قُرْءَانٍ وَلَا تَعْمَلُونَ مِنْ عَمَلٍ إِلَّا كُنَّا عَلَيْكُمْ شُهُودًا إِذْ تُفِيضُونَ فِيهِ ۚ وَمَا يَعْزُبُ عَن رَّبِّكَ مِن مِّثْقَالِ ذَرَّةٍ فِى ٱلْأَرْضِ وَلَا فِى ٱلسَّمَآءِ وَلَآ أَصْغَرَ مِن ذَٰلِكَ وَلَآ أَكْبَرَ إِلَّا فِى كِتَٰبٍ مُّبِينٍ ﴿٦١﴾

62. Walang alinlangan! Sa mga *Auliya* (Kapanalig) ni Allah, walang pangangamba ang sasapit sa kanila, gayundin, sila ay hindi malulumbay.

أَلَآ إِنَّ أَوْلِيَآءَ ٱللَّهِ لَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ﴿٦٢﴾

63. Sila na sumasampalataya kay Allah at may pagkatakot sa Kanya,

ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَكَانُوا۟ يَتَّقُونَ ﴿٦٣﴾

64. Sasakanila ang Mabuting Balita, dito sa mundo at sa Kabilang Buhay. Walang mababago sa mga Salita ni Allah, ito ang tunay na Malunggating Tagumpay.

لَهُمُ ٱلْبُشْرَىٰ فِى ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا وَفِى ٱلْءَاخِرَةِ ۚ لَا تَبْدِيلَ لِكَلِمَٰتِ ٱللَّهِ ۚ ذَٰلِكَ هُوَ ٱلْفَوْزُ ٱلْعَظِيمُ ﴿٦٤﴾

65. At huwag hayaan na ang kanilang mga pangungusap ay maghatid ng kalumbayan sa iyo (O Muhammad), sapagkat ang lahat ng

وَلَا يَحْزُنكَ قَوْلُهُمْ ۘ إِنَّ ٱلْعِزَّةَ لِلَّهِ جَمِيعًا ۚ هُوَ ٱلسَّمِيعُ ٱلْعَلِيمُ ﴿٦٥﴾

kapangyarihan (at karangalan) ay kay Allah lamang. Siya ang Ganap na Nakakarinig (ng lahat ng bagay), ang Ganap na Maalam.

أَلَآ إِنَّ لِلَّهِ مَن فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَن فِى ٱلْأَرْضِ ۗ وَمَا يَتَّبِعُ ٱلَّذِينَ يَدْعُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ شُرَكَآءَ ۚ إِن يَتَّبِعُونَ إِلَّا ٱلظَّنَّ وَإِنْ هُمْ إِلَّا يَخْرُصُونَ ﴿٦٦﴾

66. Walang alinlangan! Si Allah lamang ang nag-aangkin ng anupamang nasa kalangitan at anupamang nasa kalupaan. At sila na (sumasamba at) nananawagan sa mga iba maliban pa kay Allah, (sa katotohanan), sila ay hindi sumusunod sa mga inaakala nilang kapulutong ni Allah, bagkus sila ay sumusunod lamang sa mga haka-haka at kumakatha lamang sila ng mga kasinungalingan.

هُوَ ٱلَّذِى جَعَلَ لَكُمُ ٱلَّيْلَ لِتَسْكُنُوا۟ فِيهِ وَٱلنَّهَارَ مُبْصِرًا ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَٰتٍ لِّقَوْمٍ يَسْمَعُونَ ﴿٦٧﴾

67. Siya nga (Allah) ang naggawad sa inyo ng gabi upang kayo ay makapagpahingalay at ng araw upang ang mga bagay ay inyong mamasdan. Katotohanang dito ay mayroong *Ayat* (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral) sa mga tao na dumirinig (at nagmumuni-muni).

قَالُوا۟ ٱتَّخَذَ ٱللَّهُ وَلَدًا سُبْحَٰنَهُۥ ۖ هُوَ ٱلْغَنِىُّ ۖ لَهُۥ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ ۚ إِنْ عِندَكُم مِّن سُلْطَٰنٍۭ بِهَٰذَآ ۚ أَتَقُولُونَ عَلَى ٱللَّهِ مَا لَا تَعْلَمُونَ ﴿٦٨﴾

68. Sila (ang mga Hudyo, Kristiyano at Pagano) ay nagsasabi: "Si Allah ay nagkaroon ng anak (na lalaki, o mga supling)." Luwalhatiin Siya! Siya ay hindi nangangailangan ng anupaman. Sa Kanya ang anupamang nasa kalangitan at kalupaan. Kayo ay walang katibayan (na sabihin) ang ganitong (pag-aangkin). Nagsasalita baga kayo tungkol kay Allah ng mga (bagay) na hindi ninyo napag-uunawa.

قُلْ إِنَّ ٱلَّذِينَ يَفْتَرُونَ عَلَى ٱللَّهِ ٱلْكَذِبَ لَا يُفْلِحُونَ ﴿٦٩﴾

69. Ipagbadya: "Katotohanan, ang mga nagsisigawa ng kasinungalingan laban kay Allah ay hindi magsisipagtagumpay, -

مَتَٰعٌ فِى ٱلدُّنْيَا ثُمَّ إِلَيْنَا مَرْجِعُهُمْ ثُمَّ نُذِيقُهُمُ ٱلْعَذَابَ ٱلشَّدِيدَ بِمَا كَانُوا۟ يَكْفُرُونَ ﴿٧٠﴾

70. Isa lamang maigsing pagsasaya rito sa mundo!, - at sa Amin ang kanilang pagbabalik, at igagawad Namin sa kanila ang pinakamasakit na kaparusahan sapagkat sila ay hindi sumampalataya (kay Allah) at nagpabulaan sa Kanyang mga Sugo.

۞ وَٱتْلُ عَلَيْهِمْ نَبَأَ نُوحٍ ۘ إِذْ قَالَ لِقَوْمِهِۦ يَٰقَوْمِ إِن كَانَ كَبُرَ عَلَيْكُم مَّقَامِى وَتَذْكِيرِى بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ فَعَلَى ٱللَّهِ تَوَكَّلْتُ فَأَجْمِعُوٓا۟ أَمْرَكُمْ وَشُرَكَآءَكُمْ ثُمَّ لَا يَكُنْ أَمْرُكُمْ عَلَيْكُمْ

71. At ipagbadya sa kanila ang balita tungkol kay Noah, nang sabihin niya sa kanyang pamayanan: "O aking mga tao, kung ang aking pananatili sa inyo at ang aking pagpapaala-ala sa inyo ng *Ayat* (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral) ni Allah ay mahirap para sa

غُمَّةً ثُمَّ اقْضُوا إِلَيَّ وَلَا تُنظِرُونِ ﴿٧١﴾

inyo, kung gayon, ako ay lubos na nagtitiwala kay Allah. Kaya't isagawa ninyo ang inyong balak, kayo at ang inyong mga kabig, at huwag hayaan ang inyong balak ay magbigay ng alinlangan sa inyo. At igawad ninyo sa akin ang inyong hatol (alalaong baga, ako ay inyong isakdal) at ako ay huwag (ninyong) bigyan ng pagkakataon.

فَإِن تَوَلَّيْتُمْ فَمَا سَأَلْتُكُم مِّنْ أَجْرٍ ۖ إِنْ أَجْرِيَ إِلَّا عَلَى اللَّهِ ۖ وَأُمِرْتُ أَنْ أَكُونَ مِنَ الْمُسْلِمِينَ ﴿٧٢﴾

72. Datapuwa't kung kayo ay magsitalikod (sa pagyakap ng Islam), kung gayon, walang gantimpala ang aking hinihingi sa inyo, ang aking gantimpala ay mula lamang kay Allah, at ako ay pinag-utusan na maging isa sa mga Muslim (na sumusunod lamang sa mga batas ni Allah)."

فَكَذَّبُوهُ فَنَجَّيْنَاهُ وَمَن مَّعَهُ فِي الْفُلْكِ وَجَعَلْنَاهُمْ خَلَائِفَ وَأَغْرَقْنَا الَّذِينَ كَذَّبُوا بِآيَاتِنَا ۖ فَانظُرْ كَيْفَ كَانَ عَاقِبَةُ الْمُنذَرِينَ ﴿٧٣﴾

73. Kaya't kanilang itinakwil siya (Noah), subalit Aming iniligtas siya at ang kanyang mga kasama sa barko, at sila ay ginawa Naming mga lahi na naghali-halihi (nagpasalin-salin) sa bawat isa, samantalang Aming nilunod ang mga nagpasinungaling sa Aming *Ayat* (mga tanda, katibayan, aral, kapahayagan). Kaya't pagmasdan ang kinahinatnan ng mga pinaalalahanan.

ثُمَّ بَعَثْنَا مِن بَعْدِهِ رُسُلًا إِلَىٰ قَوْمِهِمْ فَجَاءُوهُم بِالْبَيِّنَاتِ فَمَا كَانُوا لِيُؤْمِنُوا بِمَا كَذَّبُوا بِهِ مِن قَبْلُ ۚ كَذَٰلِكَ نَطْبَعُ عَلَىٰ قُلُوبِ الْمُعْتَدِينَ ﴿٧٤﴾

74. Kaya't pagkatapos niya (Noah), Kami ay nagsugo ng mga Sugo sa kanilang pamayanan. Sila ay nagdala sa kanila ng Maliliwanag na Katibayan, datapuwa't tumutol silang paniwalaan ang ipinahayag sa kanila ng mga Sugo. Kaya't sa ganito Namin tinatakpan ang puso ng mga nagmamalabis sa paglabag (na nagtatakwil sa Kaisahan ni Allah at sumusuway sa Kanya).

ثُمَّ بَعَثْنَا مِن بَعْدِهِم مُّوسَىٰ وَهَارُونَ إِلَىٰ فِرْعَوْنَ وَمَلَائِهِ بِآيَاتِنَا فَاسْتَكْبَرُوا وَكَانُوا قَوْمًا مُّجْرِمِينَ ﴿٧٥﴾

75. At pagkaraan nila ay Aming isinugo sina Moises at Aaron kay Paraon at sa mga pinuno (ng kanyang pamayanan) na dala ang Aming *Ayat* (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral). Datapuwa't sila ay nag-asal ng may kapalaluan at sila ay *Mujrimun* (mga walang paniniwala, makasalanan, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, kriminal).

فَلَمَّا جَاءَهُمُ الْحَقُّ مِنْ عِندِنَا قَالُوا إِنَّ هَٰذَا

76. Kaya't nang dumatal sa kanila ang katotohanan mula sa Amin, sila ay nagsasabi:

"Katiyakang ito ay isang malinaw na panggagaway (salamangka)."

لَسِحْرٌ مُّبِينٌ ﴿٧٦﴾

77. Si Moises ay nagbadya: "Sinasabi ba ninyo ang hinggil sa katotohanan nang ito ay dumatal sa inyo? Ito ba ay salamangka? Datapuwa't ang mga salamangkero ay hindi magtatagumpay."

قَالَ مُوسَىٰٓ أَتَقُولُونَ لِلْحَقِّ لَمَّا جَآءَكُمْ ۖ أَسِحْرٌ هَٰذَا وَلَا يُفْلِحُ ٱلسَّٰحِرُونَ ﴿٧٧﴾

78. Sila ay nagsasabi: "Kayo ba ay pumunta sa amin upang pagbawalan kami sa pagsunod sa pananalig na minana namin sa aming mga ninuno, - at upang kayong dalawa ay maging dakila sa kalupaan? Kayong dalawa ay hindi namin paniniwalaan!"

قَالُوٓا۟ أَجِئْتَنَا لِتَلْفِتَنَا عَمَّا وَجَدْنَا عَلَيْهِ ءَابَآءَنَا وَتَكُونَ لَكُمَا ٱلْكِبْرِيَآءُ فِى ٱلْأَرْضِ ۖ وَمَا نَحْنُ لَكُمَا بِمُؤْمِنِينَ ﴿٧٨﴾

79. At si Paraon ay nag-utos: "Dalhin ninyo sa akin ang lahat nang magagaling na manggagaway (salamangkero)."

وَقَالَ فِرْعَوْنُ ٱئْتُونِى بِكُلِّ سَٰحِرٍ عَلِيمٍ ﴿٧٩﴾

80. At nang ang mga manggagaway (salamangkero) ay dumating, si Moises ay nagsabi sa kanila: "Inyong ihagis (sa ibaba) ang nais ninyong ihagis!"

فَلَمَّا جَآءَ ٱلسَّحَرَةُ قَالَ لَهُم مُّوسَىٰٓ أَلْقُوا۟ مَآ أَنتُم مُّلْقُونَ ﴿٨٠﴾

81. At nang kanilang maihagis (ito) sa ibaba, si Moises ay nagwika: "Ang inyong dinala ay panggagaway (salamangka), katiyakang si Allah ay magpapawalang-bisa rito. Katotohanang si Allah ay hindi nagbibigay ng kaganapan sa mga gawa ng *Al-Mufsidun* (mga mapanglinlang, makasalanan, tiwali at mga manggagaway).

فَلَمَّآ أَلْقَوْا۟ قَالَ مُوسَىٰ مَا جِئْتُم بِهِ ٱلسِّحْرُ ۖ إِنَّ ٱللَّهَ سَيُبْطِلُهُۥٓ ۖ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يُصْلِحُ عَمَلَ ٱلْمُفْسِدِينَ ﴿٨١﴾

82. At si Allah ang magtatatag (at magpapamalas) sa inyo ng Katotohanan sa pamamagitan ng Kanyang mga Salita, kahima't ang *Mufsidun* (mga buktot, kriminal, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig) ay lubhang mamuhi rito."

وَيُحِقُّ ٱللَّهُ ٱلْحَقَّ بِكَلِمَٰتِهِۦ وَلَوْ كَرِهَ ٱلْمُجْرِمُونَ ﴿٨٢﴾

83. Datapuwa't walang sinuman ang naniwala kay Moises maliban sa mga angkan ng kanyang mga tao (pamayanan) dahilan sa kanilang pangangamba kay Paraon at sa kanyang mga pinuno na baka sila ay kanilang pagmalupitan; at katotohanang si Paraon ay isang palalo (mapagmalupit) sa kalupaan, at katiyakang siya (Paraon) ay isa sa *Musrifun* (mga buktot at mapagsamba sa diyus-diyosan, nagpapabulaan sa katotohanan at gumagawa ng lahat ng uri ng kasalanan).

فَمَآ ءَامَنَ لِمُوسَىٰٓ إِلَّا ذُرِّيَّةٌ مِّن قَوْمِهِۦ عَلَىٰ خَوْفٍ مِّن فِرْعَوْنَ وَمَلَإِيْهِمْ أَن يَفْتِنَهُمْ ۚ وَإِنَّ فِرْعَوْنَ لَعَالٍ فِى ٱلْأَرْضِ ۖ وَإِنَّهُۥ لَمِنَ ٱلْمُسْرِفِينَ ﴿٨٣﴾

وَقَالَ مُوسَىٰ يَٰقَوْمِ إِن كُنتُمْ ءَامَنتُم بِٱللَّهِ فَعَلَيْهِ تَوَكَّلُوٓاْ إِن كُنتُم مُّسْلِمِينَ ﴿٨٤﴾

84. At si Moises ay nagbadya: "O aking pamayanan! Kung kayo ay nagsisisampalataya kay Allah, kung gayon, lubusin ninyo ang pagtitiwala sa Kanya kung kayo ay mga Muslim (na tumatalima sa Kanyang Kalooban)."

فَقَالُواْ عَلَى ٱللَّهِ تَوَكَّلْنَا رَبَّنَا لَا تَجْعَلْنَا فِتْنَةً لِّلْقَوْمِ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٨٥﴾

85. Sila ay nagsabi: "Kay Allah ay ibinigay namin ang aming pagtitiwala. Aming Panginoon! Kami ay huwag Ninyong bigyan ng kasahulan (pagsubok sa pamamagitan) ng *Zalimun* (mga buktot, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, pagano, tampalasan).

وَنَجِّنَا بِرَحْمَتِكَ مِنَ ٱلْقَوْمِ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٨٦﴾

86. At Inyong iadya kami sa pamamagitan ng Inyong Habag sa mga hindi nananampalataya."

وَأَوْحَيْنَآ إِلَىٰ مُوسَىٰ وَأَخِيهِ أَن تَبَوَّءَا لِقَوْمِكُمَا بِمِصْرَ بُيُوتًا وَٱجْعَلُواْ بُيُوتَكُمْ قِبْلَةً وَأَقِيمُواْ ٱلصَّلَوٰةَ ۗ وَبَشِّرِ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٨٧﴾

87. At Aming ipinagkaloob ang inspirasyon kay Moises at sa kanyang kapatid (na nagsasabi): "Magsipanirahan kayo at ng inyong angkan sa Ehipto, at gawin ninyo ang inyong mga tirahan bilang lugar ng inyong pagsamba, at mag-alay ng palagiang pagdalangin nang mahinusay at maghatid ng Masayang Balita sa mga nananampalataya."

وَقَالَ مُوسَىٰ رَبَّنَآ إِنَّكَ ءَاتَيْتَ فِرْعَوْنَ وَمَلَأَهُۥ زِينَةً وَأَمْوَٰلًا فِى ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا ۙ رَبَّنَا لِيُضِلُّواْ عَن سَبِيلِكَ ۖ رَبَّنَا ٱطْمِسْ عَلَىٰٓ أَمْوَٰلِهِمْ وَٱشْدُدْ عَلَىٰ قُلُوبِهِمْ فَلَا يُؤْمِنُواْ حَتَّىٰ يَرَوُاْ ٱلْعَذَابَ ٱلْأَلِيمَ ﴿٨٨﴾

88. At si Moises ay nagsabi: "O aming Panginoon! Katotohanang ipinagkaloob Ninyo kay Paraon at sa mga pinuno (ng kanyang pamayanan) ang kinang at kayamanan sa buhay sa mundong ito, O aming Panginoon! Upang mapatnugutan nila ang mga tao na maligaw sa Inyong Landas. Aming Panginoon! Salantahin Ninyo ang kanilang kayamanan at patigasin Ninyo ang kanilang puso upang sila ay hindi manampalataya hanggang sa mamasdan nila ang kasakit-sakit na kaparusahan."

قَالَ قَدْ أُجِيبَت دَّعْوَتُكُمَا فَٱسْتَقِيمَا وَلَا تَتَّبِعَآنِّ سَبِيلَ ٱلَّذِينَ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٨٩﴾

89. Si Allah ay nagwika: "Katotohanan, ang inyong panambitan ay aking dininig. Kaya't manatili kayo sa tuwid na landas (alalaong baga, inyong ipagpatuloy ang paggawa ng kabutihan at matiyagang pangangaral ng Mensahe ni Allah) at huwag ninyong sundin ang landas ng mga hindi nakababatid ng Katotohanan (alalaong baga, ang paniniwala sa Kaisahan ni Allah, at gayundin sa pananalig sa Gantimpala ni Allah; ang Paraiso)."

۞ وَجَٰوَزۡنَا بِبَنِيٓ إِسۡرَٰٓءِيلَ ٱلۡبَحۡرَ فَأَتۡبَعَهُمۡ فِرۡعَوۡنُ وَجُنُودُهُۥ بَغۡيًا وَعَدۡوًا حَتَّىٰٓ إِذَآ أَدۡرَكَهُ ٱلۡغَرَقُ قَالَ ءَامَنتُ أَنَّهُۥ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا ٱلَّذِيٓ ءَامَنَتۡ بِهِۦ بَنُوٓاْ إِسۡرَٰٓءِيلَ وَأَنَا۠ مِنَ ٱلۡمُسۡلِمِينَ ﴿٩٠﴾

90. At dinala Namin ang mga Angkan ng Israel sa kabilang ibayo ng dagat, at si Paraon at ang kanyang mga kabig ay tumugaygay sa kanila ng may pagkagalit at pang-aapi hanggang sa sumapit (ang sandali) na siya ay malulunod na, (at) siya ay nagsabi: "Ako ay nananampalataya (kay Allah) na wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya, na Siyang pinananampalatayaan ng mga Angkan ng Israel, at ako ay isa sa mga Muslim (na sumusuko sa Kalooban ni Allah)."

ءَآلۡـَٰٔنَ وَقَدۡ عَصَيۡتَ قَبۡلُ وَكُنتَ مِنَ ٱلۡمُفۡسِدِينَ ﴿٩١﴾

91. (Siya ay pinagsabihan) na ngayon (ikaw ay naniniwala), bagama't noon, ikaw ay sumuway (tumanggi) sa katotohanan at ikaw ay isa sa *Mufsidun* (mga buktot, makasalanan, tampalasan).

فَٱلۡيَوۡمَ نُنَجِّيكَ بِبَدَنِكَ لِتَكُونَ لِمَنۡ خَلۡفَكَ ءَايَةٗۚ وَإِنَّ كَثِيرٗا مِّنَ ٱلنَّاسِ عَنۡ ءَايَٰتِنَا لَغَٰفِلُونَ ﴿٩٢﴾

92. Kaya't (mula) sa araw na ito ay Aming pananatilihin ang iyong (patay) na katawan (mula sa dagat) upang ikaw ay maging isang Tanda sa mga tao na susunod sa iyo (alalaong baga, ang darating na bagong henerasyon). Katotohanang marami sa sangkatauhan ang hindi sumusunod sa Aming *Ayat* (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral).

وَلَقَدۡ بَوَّأۡنَا بَنِيٓ إِسۡرَٰٓءِيلَ مُبَوَّأَ صِدۡقٖ وَرَزَقۡنَٰهُم مِّنَ ٱلطَّيِّبَٰتِ فَمَا ٱخۡتَلَفُواْ حَتَّىٰ جَآءَهُمُ ٱلۡعِلۡمُۚ إِنَّ رَبَّكَ يَقۡضِي بَيۡنَهُمۡ يَوۡمَ ٱلۡقِيَٰمَةِ فِيمَا كَانُواْ فِيهِ يَخۡتَلِفُونَ ﴿٩٣﴾

93. At katotohanang Aming itinira (itinahan) ang mga Angkan ng Israel sa isang karangal-rangal na lugar (Sham at Ehipto), at Aming pinagkalooban sila ng mababuting bagay, at sila ay nagkaroon ng pagkakahidwa-hidwa matapos ang kaalaman ay dumatal sa kanila. Katotohanang si Allah ang hahatol sa pagitan nila sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa mga bagay na hindi nila pinagkakasunduan.

فَإِن كُنتَ فِي شَكّٖ مِّمَّآ أَنزَلۡنَآ إِلَيۡكَ فَسۡـَٔلِ ٱلَّذِينَ يَقۡرَءُونَ ٱلۡكِتَٰبَ مِن قَبۡلِكَۚ لَقَدۡ جَآءَكَ ٱلۡحَقُّ مِن رَّبِّكَ فَلَا تَكُونَنَّ مِنَ ٱلۡمُمۡتَرِينَ ﴿٩٤﴾

94. Kaya't kung ikaw (O Muhammad) ay may pag-aalinlangan sa mga bagay na Aming ipinahayag sa iyo, kung gayon, ay iyong tanungin ang mga nagbabasa ng Aklat (ang *Torah* [mga Batas] at Ebanghelyo) na una pa sa iyo. Katiyakan, ang Katotohanan ay dumatal sa iyo mula sa iyong Panginoon. Kaya't huwag kang mapabilang sa mga may pag-aalinlangan (tungkol dito).

وَلَا تَكُونَنَّ مِنَ ٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَـٰتِ ٱللَّهِ فَتَكُونَ مِنَ ٱلْخَـٰسِرِينَ ﴿٩٥﴾

95. At huwag kang mapabilang sa mga nagpapasinungaling sa *Ayat* (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral) ni Allah, kung magkakagayon, ikaw ay mapapabilang sa mga talunan (nangapaligaw).

إِنَّ ٱلَّذِينَ حَقَّتْ عَلَيْهِمْ كَلِمَتُ رَبِّكَ لَا يُؤْمِنُونَ ﴿٩٦﴾

96. Katotohanan! Sila, na ang Salita (Poot) ni Allah ay binigyang-katarungan laban sa kanila ay hindi mananampalataya,

وَلَوْ جَآءَتْهُمْ كُلُّ ءَايَةٍ حَتَّىٰ يَرَوُا۟ ٱلْعَذَابَ ٱلْأَلِيمَ ﴿٩٧﴾

97. Kahima't ang bawat Tanda ay dumatal sa kanila, - hanggang sa kanilang mamasdan ang kasakit-sakit na kaparusahan.

فَلَوْلَا كَانَتْ قَرْيَةٌ ءَامَنَتْ فَنَفَعَهَآ إِيمَـٰنُهَآ إِلَّا قَوْمَ يُونُسَ لَمَّآ ءَامَنُوا۟ كَشَفْنَا عَنْهُمْ عَذَابَ ٱلْخِزْىِ فِى ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا وَمَتَّعْنَـٰهُمْ إِلَىٰ حِينٍ ﴿٩٨﴾

98. Mayroon baga kayang bayan (pamayanan) na sumampalataya (makaraang mamasdan nila ang kaparusahan), at ang kanilang Pananalig (sa sandaling yaon) ay nakapagligtas sa kanila (sa kaparusahan)? (Ang kasagutan ay wala), maliban sa mga tao ni Jonas; nang sila ay sumampalataya ay Aming pinalis sa kanila ang kaparusahan ng kahihiyan dito sa mundo, at pansamantala Naming binayaan sila na maging masaya.

وَلَوْ شَآءَ رَبُّكَ لَـَٔامَنَ مَن فِى ٱلْأَرْضِ كُلُّهُمْ جَمِيعًا ۚ أَفَأَنتَ تُكْرِهُ ٱلنَّاسَ حَتَّىٰ يَكُونُوا۟ مُؤْمِنِينَ ﴿٩٩﴾

99. At kung ninais lamang ng iyong Panginoon, ang lahat ng tao na nasa kalupaan ay sasampalataya nang sama-sama. Kaya't ikaw ba (O Muhammad), iyo bang pipilitin (na pasunurin) ang sangkatauhan hanggang sa sila ay maging mananampalataya?

وَمَا كَانَ لِنَفْسٍ أَن تُؤْمِنَ إِلَّا بِإِذْنِ ٱللَّهِ ۚ وَيَجْعَلُ ٱلرِّجْسَ عَلَى ٱلَّذِينَ لَا يَعْقِلُونَ ﴿١٠٠﴾

100. Walang kakayahan ang sinumang tao na manampalataya maliban sa kapahintulutan ni Allah, at Kanyang igagawad ang poot (salot) sa mga hindi nagmumuni-muni.

قُلِ ٱنظُرُوا۟ مَاذَا فِى ٱلسَّمَـٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ وَمَا تُغْنِى ٱلْـَٔايَـٰتُ وَٱلنُّذُرُ عَن قَوْمٍ لَّا يُؤْمِنُونَ ﴿١٠١﴾

101. Ipagbadya: "Inyong pagmasdan, ano baga kaya ang nasa kalangitan at kalupaan." Datapuwa't walang magiging katuturan ang *Ayat* (mga tanda, kapahayagan, aral, katibayan) at mga Tagapagbabala sa mga tao na hindi sumasampalataya.

فَهَلْ يَنتَظِرُونَ إِلَّا مِثْلَ أَيَّامِ ٱلَّذِينَ خَلَوْا۟ مِن قَبْلِهِمْ ۚ قُلْ فَٱنتَظِرُوٓا۟ إِنِّى مَعَكُم مِّنَ ٱلْمُنتَظِرِينَ ﴿١٠٢﴾

102. Kaya't sila baga ay naghihintay (sa anuman) maliban (sa kapinsalaan na nangyari) sa panahon ng mga tao na nauna sa kanila? Ipagbadya: "Kayo ay maghintay, ako (rin) ay

kasabay ninyo na naghihintay."

ثُمَّ نُنَجِّي رُسُلَنَا وَالَّذِينَ ءَامَنُوا۟ كَذَٰلِكَ حَقًّا عَلَيْنَا نُنجِ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿١٠٣﴾

103. At pagkatapos, Aming ililigtas ang mga Sugo at ang mga sumampalataya! Ito ay isang katungkulan sa Amin na iligtas ang mga nananampalataya.

قُلْ يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ إِن كُنتُمْ فِى شَكٍّ مِّن دِينِى فَلَآ أَعْبُدُ ٱلَّذِينَ تَعْبُدُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ وَلَٰكِنْ أَعْبُدُ ٱللَّهَ ٱلَّذِى يَتَوَفَّىٰكُمْ ۖ وَأُمِرْتُ أَنْ أَكُونَ مِنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿١٠٤﴾

104. Ipagbadya (O Muhammad): "O sangkatauhan! Kung kayo ay nag-aalinlangan sa aking relihiyon (Islam), kung gayon, inyong maalaman na kailanman ay hindi ko sasambahin ang inyong sinasamba maliban kay Allah. Datapuwa't sinasamba ko si Allah na nagkakaloob sa inyo ng kamatayan, at ako ay pinag-utusan na maging isa sa mga nananampalataya."

وَأَنْ أَقِمْ وَجْهَكَ لِلدِّينِ حَنِيفًا وَلَا تَكُونَنَّ مِنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿١٠٥﴾

105. (At ito ay ipinahayag sa akin): "Ituon mo ang iyong mukha (O Muhammad) nang lubos sa relihiyong *Hanifan* (pagsamba lamang kay Allah), at ikaw kailanman ay huwag mapabilang sa *Mushrikun* (mga sumasamba sa maraming diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah)."

وَلَا تَدْعُ مِن دُونِ ٱللَّهِ مَا لَا يَنفَعُكَ وَلَا يَضُرُّكَ ۖ فَإِن فَعَلْتَ فَإِنَّكَ إِذًا مِّنَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿١٠٦﴾

106. At huwag kang manawagan sa mga iba pa na kasama si Allah, sila na hindi makapagbibigay sa iyo ng kapakinabangan, at hindi rin makapagbibigay sa iyo ng kasahulan, datapuwa't kung ito ay iyong gawin, walang pagsala na ikaw ay magiging isa sa *Zalimun* (mga buktot, mapaggawa ng mga kamalian, mapagsamba sa mga diyus-diyosan).

وَإِن يَمْسَسْكَ ٱللَّهُ بِضُرٍّ فَلَا كَاشِفَ لَهُۥٓ إِلَّا هُوَ ۖ وَإِن يُرِدْكَ بِخَيْرٍ فَلَا رَآدَّ لِفَضْلِهِۦ ۚ يُصِيبُ بِهِۦ مَن يَشَآءُ مِنْ عِبَادِهِۦ ۚ وَهُوَ ٱلْغَفُورُ ٱلرَّحِيمُ ﴿١٠٧﴾

107. At kung si Allah ay maggawad sa iyo ng kasahulan, walang sinuman ang makapapawi nito maliban sa Kanya, at kung naisin Niya ang anumang kabutihan para sa iyo, walang sinuman ang makahahadlang sa Kanyang biyaya na Kanyang ipinararating sa sinuman sa Kanyang mga alipin na Kanyang maibigan. At Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

قُلْ يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ قَدْ جَآءَكُمُ ٱلْحَقُّ مِن رَّبِّكُمْ ۖ فَمَنِ ٱهْتَدَىٰ فَإِنَّمَا يَهْتَدِى لِنَفْسِهِۦ ۖ وَمَن ضَلَّ فَإِنَّمَا يَضِلُّ عَلَيْهَا ۖ وَمَآ أَنَا۠ عَلَيْكُم

108. Ipagbadya: "O sangkatauhan! Ngayon, ang Katotohanan (alalaong baga, ang Qur'an at si Propeta Muhammad) ay dumatal sa inyo mula sa inyong Panginoon. Kaya't kung sinuman ang

tumanggap ng patnubay, ginawa niya ito tungo sa kapakanan ng kanyang sarili, at kung sinuman ang tumanggap ng pagkaligaw, ginawa niya ito tungo sa kasahulan ng kanyang sarili, at ako (Muhammad) ay hindi itinalaga sa inyo bilang isang *Wakil* (tagapangalaga, na makakapamatnubay sa inyo upang pilitin kayo na mapatnubayan)."

بِوَكِيلٍ ﴿١٠٨﴾

109. At (ikaw, O Muhammad), iyong sundin ang kapahayagan na ipinarating sa iyo, at maging matiyaga hanggang sa igawad ni Allah ang Kanyang paghatol. At Siya ang Pinakamahusay sa lahat ng mga Hukom.

وَٱتَّبِعْ مَا يُوحَىٰٓ إِلَيْكَ وَٱصْبِرْ حَتَّىٰ يَحْكُمَ ٱللَّهُ ۚ وَهُوَ خَيْرُ ٱلْحَٰكِمِينَ ﴿١٠٩﴾

سُورَةُ هُودٍ

Surah 11

Surat Hud
(Propeta Hud)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Alif, Lam, Ra. (Mga titik A, La, Ra; ito ay mga titik sa wikang Arabik na tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

(Ito ay isang) Aklat na isinaayos nang lubusan at ganap; ang mga Talata nito (sa bawat anggulo ng karunungan) ay ipinaliwanag nang masusi; na nagmula sa Tanging Isa (Allah), Siya na Tigib ng Karunungan at Ganap na Nakababatid (ng lahat ng bagay),

الٓر ۚ كِتَٰبٌ أُحْكِمَتْ ءَايَٰتُهُۥ ثُمَّ فُصِّلَتْ مِن لَّدُنْ حَكِيمٍ خَبِيرٍ ﴿١﴾

2. Upang (kayo) ay huwag sumamba maliban kay Allah. Katotohanang ako (Muhammad) ay mula sa Kanya para sa inyo bilang isang tagapagbabala at tagapaghatid ng Masayang Balita,

أَلَّا تَعْبُدُوٓا۟ إِلَّا ٱللَّهَ ۚ إِنَّنِى لَكُم مِّنْهُ نَذِيرٌ وَبَشِيرٌ ﴿٢﴾

3. At (nag-uutos sa inyo): "Hilingin (panikluhuran) ninyo ang pagpapatawad ng inyong Panginoon, (at magsipanumbalik) kayo

وَأَنِ ٱسْتَغْفِرُوا۟ رَبَّكُمْ ثُمَّ تُوبُوٓا۟ إِلَيْهِ يُمَتِّعْكُم مَّتَٰعًا حَسَنًا إِلَىٰٓ أَجَلٍ مُّسَمًّى وَيُؤْتِ كُلَّ ذِى

فَضْلٍ فَضْلَهُۥ ۖ وَإِن تَوَلَّوْا۟ فَإِنِّىٓ أَخَافُ عَلَيْكُمْ عَذَابَ يَوْمٍ كَبِيرٍ ﴿٣﴾

sa Kanya ng may pagsisisi, (at) Kanyang hahayaan na inyong tamasahin nang may kasiyahan ang isang mainam na biyaya sa isang natatakdaang panahon, at mabigyan Niya ang bawat mapaggawa ng kabutihan (mga mapagpaubaya) ng Kanyang nag-uumapaw na Biyaya (gantimpala; alalaong baga, sila na tumutulong at naglilingkod sa mga nangangailangan at karapat-dapat sa pamamagitan ng kanilang lakas at kayamanan). Datapuwa't kung kayo ay tumalikod, ako ay nangangamba para sa inyo sa kaparusahan ng Dakilang Araw (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay).

إِلَى ٱللَّهِ مَرْجِعُكُمْ ۖ وَهُوَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿٤﴾

4. Kay Allah ang inyong pagbabalik, at Siya ay may Kapangyarihang gumawa ng lahat ng bagay.

أَلَآ إِنَّهُمْ يَثْنُونَ صُدُورَهُمْ لِيَسْتَخْفُوا۟ مِنْهُ ۚ أَلَا حِينَ يَسْتَغْشُونَ ثِيَابَهُمْ يَعْلَمُ مَا يُسِرُّونَ وَمَا يُعْلِنُونَ ۚ إِنَّهُۥ عَلِيمٌۢ بِذَاتِ ٱلصُّدُورِ ﴿٥﴾

5. Tunay nga! Sinisikap nila na ikubli kung anuman ang nasa kanilang dibdib upang ilingid sa Kanya (Allah). Katotohanan, kahit na takpan nila ang kanilang sarili ng kasuutan, batid Niya kung ano ang kanilang ikinukubli (sa kanilang puso) at kung ano ang kanilang inilalantad. Katotohanang Siya ang Ganap na Nakakaalam ng pinakaubod na mga lihim ng dibdib.

۞ وَمَا مِن دَآبَّةٍ فِي ٱلْأَرْضِ إِلَّا عَلَى ٱللَّهِ رِزْقُهَا وَيَعْلَمُ مُسْتَقَرَّهَا وَمُسْتَوْدَعَهَا ۚ كُلٌّ فِي كِتَٰبٍ مُّبِينٍ ﴿٦﴾

6. At walang (gumagalaw) na nilikha ang naririto sa kalupaan na ang ikinabubuhay ay hindi nanggaling kay Allah. At nababatid Niya ang kanilang pinananahanan at ang kanilang pinaglulunggaan (alalaong baga, sa sinapupunan [ng ina] bago ang kanilang pagsilang, at sa libingan matapos ang kanilang kamatayan), ang lahat ay nasa Maliwanag na Aklat (*Al-Lauh Al-Mahfuz,* ang Aklat ng mga Kautusan na hawak ni Allah).

وَهُوَ ٱلَّذِي خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ فِي سِتَّةِ أَيَّامٍ وَكَانَ عَرْشُهُۥ عَلَى ٱلْمَآءِ لِيَبْلُوَكُمْ أَيُّكُمْ أَحْسَنُ عَمَلًا ۗ وَلَئِن قُلْتَ إِنَّكُم مَّبْعُوثُونَ مِنۢ بَعْدِ ٱلْمَوْتِ لَيَقُولَنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ إِنْ هَٰذَآ إِلَّا سِحْرٌ مُّبِينٌ ﴿٧﴾

7. At Siya ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan sa anim na Araw at ang Kanyang *Arsh* (Trono o Luklukan) ay nasa ibabaw ng Tubig, upang Kanyang masubukan kayo kung sino sa inyo ang pinakamabuti sa pag-uugali. Datapuwa't kung iyong sasabihin sa kanila: "Katotohanang kayo ay ibabangon pagkatapos ng kamatayan,'' ang mga hindi sumasampalataya ay walang pagsala na magsasabi: "Ito ay wala ng iba maliban sa isang lantad na salamangka."

وَلَئِنْ أَخَّرْنَا عَنْهُمُ ٱلْعَذَابَ إِلَىٰٓ أُمَّةٍ مَّعْدُودَةٍ لَّيَقُولُنَّ مَا يَحْبِسُهُۥٓ ۗ أَلَا يَوْمَ يَأْتِيهِمْ لَيْسَ مَصْرُوفًا عَنْهُمْ وَحَاقَ بِهِم مَّا كَانُوا۟ بِهِۦ يَسْتَهْزِءُونَ ﴿٨﴾

8. At kung inaantala Namin para sa kanila ang kaparusahan hanggang sa natatakdaang panahon, katiyakang sila ay magsasabi: "Ano ang bumibinbin dito (alalaong baga, bakit hindi pa ito dumaratal)?" Katotohanan, sa araw na ito ay sasapit sa kanila, walang anupaman ang makapagpapaalis nito sa kanila at sila ay ganap na mapapaligiran nito, na noon ay lagi nilang tinutuya!

وَلَئِنْ أَذَقْنَا ٱلْإِنسَٰنَ مِنَّا رَحْمَةً ثُمَّ نَزَعْنَٰهَا مِنْهُ إِنَّهُۥ لَيَـُٔوسٌ كَفُورٌ ﴿٩﴾

9. At kung iginawad Namin sa tao na lasapin ang Habag mula sa Amin, at matapos ay alisin sa kanya ito, katotohanang siya ay nawawalan ng pag-asa at walang utang na loob ng pasasalamat.

وَلَئِنْ أَذَقْنَٰهُ نَعْمَآءَ بَعْدَ ضَرَّآءَ مَسَّتْهُ لَيَقُولَنَّ ذَهَبَ ٱلسَّيِّـَٔاتُ عَنِّىٓ ۚ إِنَّهُۥ لَفَرِحٌ فَخُورٌ ﴿١٠﴾

10. Datapuwa't kung Aming hayaan siya na lasapin ang magandang biyaya, pagkaraang ang kasamaan (kahirapan at kasiphayuan) ay dumapo sa kanya, walang pagsala na siya ay magsasabi: "Ang kamalasan at kasahulan ay lumisan sa akin." Katotohanan, siya ay tandisang galak na galak at nagmamayabang (walang utang na loob ng pasasalamat kay Allah).

إِلَّا ٱلَّذِينَ صَبَرُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ أُو۟لَٰٓئِكَ لَهُم مَّغْفِرَةٌ وَأَجْرٌ كَبِيرٌ ﴿١١﴾

11. Maliban sa kanila na matitiyaga at gumagawa ng mga kabutihan, sila ang magkakamit ng kapatawaran at malaking gantimpala (Paraiso).

فَلَعَلَّكَ تَارِكٌۢ بَعْضَ مَا يُوحَىٰٓ إِلَيْكَ وَضَآئِقٌۢ بِهِۦ صَدْرُكَ أَن يَقُولُوا۟ لَوْلَآ أُنزِلَ عَلَيْهِ كَنزٌ أَوْ جَآءَ مَعَهُۥ مَلَكٌ ۚ إِنَّمَآ أَنتَ نَذِيرٌ ۚ وَٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ وَكِيلٌ ﴿١٢﴾

12. Marahil (O Muhammad), ikaw ay nakadarama nang pagkahilig, na iyo nang ipagwawalang-bahala ang bahagi ng anumang ipinahayag sa iyo, at ang iyong dibdib ay naninikip dito sapagkat sila ay nagsasabi: "Bakit kaya hindi ipinanaog sa kanya ang kayamanan, o di kaya ang anghel ay dumatal sa kanya?" Datapuwa't ikaw ay isa lamang tagapagbabala. At si Allah ang *Wakil* (ang Tagapamahala ng mga pangyayari, Tagapagkupkop) sa lahat ng mga bagay.

أَمْ يَقُولُونَ ٱفْتَرَىٰهُ ۖ قُلْ فَأْتُوا۟ بِعَشْرِ سُوَرٍ مِّثْلِهِۦ مُفْتَرَيَٰتٍ وَٱدْعُوا۟ مَنِ ٱسْتَطَعْتُم مِّن دُونِ ٱللَّهِ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿١٣﴾

13. O di kaya, sila ay magsasabi: "Siya (Propeta Muhammad) ay nag-imbento nito (ng Qur'an)". Ipagbadya: "Magdala kayo kung gayon ng sampung *Surah* (mga kabanata) na katulad nito na mga naimbento, at tawagin ninyo kung sinuman ang ibig ninyo, maliban pa kay Allah (upang tumulong sa inyo), kung kayo ay nangungusap ng katotohanan!"

فَإِلَّمْ يَسْتَجِيبُوا۟ لَكُمْ فَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّمَآ أُنزِلَ بِعِلْمِ ٱللَّهِ وَأَن لَّآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ۖ فَهَلْ أَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴿١٤﴾

14. At kung sila ay hindi tumugon sa inyo, inyong maalaman na (ang Qur'an) ay ipinahayag (sa pamamagitan) ng karunungan ni Allah at wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya (Allah)! Hindi baga kayo magiging mga Muslim (ang mga tumatalima sa Islam)?

مَن كَانَ يُرِيدُ ٱلْحَيَوٰةَ ٱلدُّنْيَا وَزِينَتَهَا نُوَفِّ إِلَيْهِمْ أَعْمَٰلَهُمْ فِيهَا وَهُمْ فِيهَا لَا يُبْخَسُونَ ﴿١٥﴾

15. Sinumang maghangad ng buhay sa mundong ito at sa kanyang kinang (mariirilag na bagay at mga palamuti); sa kanila ay Aming babayaran nang ganap ang kanilang mga gawa rito, at dito ay walang mababawas.

أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ لَيْسَ لَهُمْ فِى ٱلْءَاخِرَةِ إِلَّا ٱلنَّارُ ۖ وَحَبِطَ مَا صَنَعُوا۟ فِيهَا وَبَٰطِلٌ مَّا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿١٦﴾

16. Sila yaong walang makakamtan sa Kabilang Buhay maliban sa Apoy; at dito ay walang kabuluhan ang kanilang mga gawa. At walang halaga ang kanilang ginagawa noon.

أَفَمَن كَانَ عَلَىٰ بَيِّنَةٍ مِّن رَّبِّهِۦ وَيَتْلُوهُ شَاهِدٌ مِّنْهُ وَمِن قَبْلِهِۦ كِتَٰبُ مُوسَىٰٓ

17. Sila ba (na mga Muslim) na tumatanggap ng maliliwanag na tanda (ang Qur'an) mula sa kanilang Panginoon (ay katumbas ng mga hindi

إِمَامًا وَرَحْمَةً ۚ أُولَٰئِكَ يُؤْمِنُونَ بِهِ ۚ وَمَن يَكْفُرْ بِهِ مِنَ الْأَحْزَابِ فَالنَّارُ مَوْعِدُهُ ۚ فَلَا تَكُ فِي مِرْيَةٍ مِّنْهُ ۚ إِنَّهُ الْحَقُّ مِن رَّبِّكَ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَ النَّاسِ لَا يُؤْمِنُونَ ﴿١٧﴾

sumasampalataya), at sinundan ng isang Saksi (anghel Jibril o Gabriel) mula sa Kanya, at bago pa rito ay dumating ang Aklat ni Moises, isang patnubay at habag, sila ay nagsipaniwala rito, datapuwa't yaong mga Sekta (mga Hudyo, Kristiyano at lahat ng mga di Muslim na bansa o pamayanan) na nagtatakwil dito (sa Qur'an), ang Apoy ang tagpuan na ipinangako sa kanila. Kaya't huwag kayong mag-alinlangan tungkol dito (alalaong baga, sa mga pahayag na dala ni Muhammad at nagmula kay Allah, katiyakang sila ay papasok sa Impiyerno). Walang pagsala, ito ang Katotohanan mula sa inyong Panginoon, datapuwa't ang karamihan sa sangkatauhan ay hindi nananampalataya.

وَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّنِ افْتَرَىٰ عَلَى اللَّهِ كَذِبًا ۚ أُولَٰئِكَ يُعْرَضُونَ عَلَىٰ رَبِّهِمْ وَيَقُولُ الْأَشْهَادُ هَٰؤُلَاءِ الَّذِينَ كَذَبُوا عَلَىٰ رَبِّهِمْ ۚ أَلَا لَعْنَةُ اللَّهِ عَلَى الظَّالِمِينَ ﴿١٨﴾

18. At sino pa kaya ang higit na gumagawa ng kamalian maliban sa kanya na kumakatha ng mga kasinungalingan laban kay Allah. Sila ang dadalhin sa harapan ng kanilang Panginoon at ang mga saksi ay magsasabi: "Sila nga ang nagpasinungaling sa kanilang Panginoon!" Walang alinlangan! Ang sumpa ni Allah ay nasa *Zalimun* (mga buhong, buktot, makasalanan, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, mapang-api).

الَّذِينَ يَصُدُّونَ عَن سَبِيلِ اللَّهِ وَيَبْغُونَهَا عِوَجًا وَهُم بِالْآخِرَةِ هُمْ كَافِرُونَ ﴿١٩﴾

19. Sila na humahadlang (sa mga iba) tungo sa Landas ni Allah (sa pagiging Tanging Isa Niya, at sa Islam), at humahanap ng kalikuan dito, at sila ay hindi nananalig sa Kabilang Buhay;

أُولَٰئِكَ لَمْ يَكُونُوا مُعْجِزِينَ فِي الْأَرْضِ وَمَا كَانَ لَهُم مِّن دُونِ اللَّهِ مِنْ أَوْلِيَاءَ ۘ يُضَاعَفُ لَهُمُ الْعَذَابُ ۚ مَا كَانُوا يَسْتَطِيعُونَ السَّمْعَ وَمَا كَانُوا يُبْصِرُونَ ﴿٢٠﴾

20. Hindi, sa anupamang kaparaanan, sila ay hindi makatatakas (sa parusa ni Allah) sa kalupaan, at wala ring makapangangalaga sa kanila maliban kay Allah! Ang kaparusahan nila ay dodoblehin! Hindi nila magawa na pakinggan (ang mga nangangaral ng katotohanan) at sila ay nasanay na hindi nakikita (ang katotohanan dahilan sa kanilang mariing pag-ayaw, kahima't sila ay mayroong pandinig at pangmasid).

أُولَٰئِكَ الَّذِينَ خَسِرُوا أَنفُسَهُمْ وَضَلَّ عَنْهُم مَّا كَانُوا يَفْتَرُونَ ﴿٢١﴾

21. Sila nga ang nagpalungi sa kanilang sarili, at ang kanilang mga huwad na diyus-diyosan ay maglalaho sa kanila.

لَا جَرَمَ أَنَّهُمْ فِي الْآخِرَةِ هُمُ الْأَخْسَرُونَ ﴿٢٢﴾

22. Walang pagsala, sila nga ang magiging lubos na talunan sa Kabilang Buhay.

إِنَّ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ وَأَخْبَتُوٓا۟ إِلَىٰ رَبِّهِمْ أُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلْجَنَّةِ ۖ هُمْ فِيهَا خَٰلِدُونَ ﴿٢٣﴾

23. Katotohanan, sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah), at nagsisigawa ng mga kabutihan, at nagpapakumbaba sa kanilang sarili (sa pagsisisi at pagsunod) sa harapan ng kanilang Panginoon, - sila ay magsisitahan sa Paraiso at mananatili rito magpakailanman.

۞ مَثَلُ ٱلْفَرِيقَيْنِ كَٱلْأَعْمَىٰ وَٱلْأَصَمِّ وَٱلْبَصِيرِ وَٱلسَّمِيعِ ۚ هَلْ يَسْتَوِيَانِ مَثَلًا ۚ أَفَلَا تَذَكَّرُونَ ﴿٢٤﴾

24. Ang nakakahalintulad ng dalawang pangkat (ang pangkat ng mga Muslim at pangkat ng mga *Kafir* [mga hindi nananampalataya]) ay tulad ng bulag at ng bingi at ng nakamamasid at ng nakakarinig. Sila ba ay magkatulad kung paghahambingin? Hindi ba kayo mapagsasabihan (mapapangaralan)?

وَلَقَدْ أَرْسَلْنَا نُوحًا إِلَىٰ قَوْمِهِۦٓ إِنِّى لَكُمْ نَذِيرٌ مُّبِينٌ ﴿٢٥﴾

25. Katotohanang isinugo Namin si Noah sa kanyang pamayanan (at siya ay nagsabi): "Ako ay dumating sa inyo bilang isang lantad na tagapagbabala."

أَن لَّا تَعْبُدُوٓا۟ إِلَّا ٱللَّهَ ۖ إِنِّىٓ أَخَافُ عَلَيْكُمْ عَذَابَ يَوْمٍ أَلِيمٍ ﴿٢٦﴾

26. "Na huwag sumamba maliban kay Allah; katotohanan, pinangangambahan ko para sa inyo ang kasakit-sakit na kaparusahan sa Araw (ng Paghuhukom)."

فَقَالَ ٱلْمَلَأُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِن قَوْمِهِۦ مَا نَرَىٰكَ إِلَّا بَشَرًا مِّثْلَنَا وَمَا نَرَىٰكَ ٱتَّبَعَكَ إِلَّا ٱلَّذِينَ هُمْ أَرَاذِلُنَا بَادِىَ ٱلرَّأْىِ ۖ وَمَا نَرَىٰ لَكُمْ عَلَيْنَا مِن فَضْلٍ بَلْ نَظُنُّكُمْ كَٰذِبِينَ ﴿٢٧﴾

27. Ang mga pinuno ng mga hindi sumasampalataya sa kanyang pamayanan ay nagsabi: "Ikaw ay namamasdan namin bilang isang tao na katulad namin, at hindi rin namin nakikita ang sinuman na sumusunod sa iyo maliban sa pinakahamak sa amin, at sila ay sumusunod sa iyo na hindi gumagamit ng kanilang pag-iisip. At wala kaming nakikita sa inyo na mahalaga na higit pa sa amin, sa katotohanan, kayo ay aming itinuturing na mga sinungaling."

قَالَ يَٰقَوْمِ أَرَءَيْتُمْ إِن كُنتُ عَلَىٰ بَيِّنَةٍ مِّن رَّبِّى وَءَاتَىٰنِى رَحْمَةً مِّنْ عِندِهِۦ فَعُمِّيَتْ عَلَيْكُمْ ۚ أَنُلْزِمُكُمُوهَا وَأَنتُمْ لَهَا كَٰرِهُونَ ﴿٢٨﴾

28. Siya ay nagbadya: "O aking pamayanan! Kayo ba ay nagsaalang-alang, kung ako ay mayroong maliwanag na katibayan mula sa aking Panginoon, at isang Habag (pagka-Propeta, atbp.) ang dumatal sa akin mula sa Kanya, datapuwa't ang gayong (Habag) ay nakukubli sa inyong paningin. Kayo ba ay pipilitin namin na tanggapin ito (ang pagsampalataya sa Kaisahan ni Allah) habang kayo ay tutol dito?

29. At, O aking pamayanan! Hindi ako nanghihingi sa inyo ng gantimpala hinggil dito, ang aking pabuya ay wala ng iba maliban lamang na mula kay Allah. Hindi ko itataboy ang mga sumasampalataya. Katotohanang makakatipan nila ang kanilang Panginoon, datapuwa't aking napagmamalas na kayo ay mga hangal na tao.

وَيَٰقَوْمِ لَآ أَسْـَٔلُكُمْ عَلَيْهِ مَالًا ۖ إِنْ أَجْرِيَ إِلَّا عَلَى ٱللَّهِ وَمَآ أَنَا۠ بِطَارِدِ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ ۚ إِنَّهُم مُّلَٰقُوا۟ رَبِّهِمْ وَلَٰكِنِّىٓ أَرَىٰكُمْ قَوْمًا تَجْهَلُونَ ﴿٢٩﴾

30. At, O aking pamayanan! Sino ang makakatulong sa akin laban kay Allah, kung sila ay aking itaboy? Hindi ba kayo mapapangaralan? (Hindi baga kayo nagsasaalang-alang?)

وَيَٰقَوْمِ مَن يَنصُرُنِى مِنَ ٱللَّهِ إِن طَرَدتُّهُمْ ۚ أَفَلَا تَذَكَّرُونَ ﴿٣٠﴾

31. At ako ay hindi magsasabi sa inyo na nasa akin ang mga kayamanan ni Allah, at gayundin naman, hindi ko nababatid ang *Ghaib* (mga bagay na nakalingid tulad ng mga anghel, Impiyerno, kaluluwa, atbp.); at hindi ko rin sinasabi na ako ay isang anghel, at hindi ko rin sasabihin sa inyo na mga minamaliit (ang mga aba na nanampalataya) na kayo ay hindi pagkakalooban ni Allah ng mabuti (gantimpala). Lubos na nababatid ni Allah kung ano ang nasa loob ng kanilang kaluluwa (sarili). Kung magkakagayon, ako ay katiyakang mapapabilang sa *Zalimun* (makasalanan at mapang-api)."

وَلَآ أَقُولُ لَكُمْ عِندِى خَزَآئِنُ ٱللَّهِ وَلَآ أَعْلَمُ ٱلْغَيْبَ وَلَآ أَقُولُ إِنِّى مَلَكٌ وَلَآ أَقُولُ لِلَّذِينَ تَزْدَرِىٓ أَعْيُنُكُمْ لَن يُؤْتِيَهُمُ ٱللَّهُ خَيْرًا ۖ ٱللَّهُ أَعْلَمُ بِمَا فِىٓ أَنفُسِهِمْ ۖ إِنِّىٓ إِذًا لَّمِنَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٣١﴾

32. Sila ay nagsabi: "O Noah! Ikaw ay nakipagtalo sa amin at labis mong pinahaba ang pakikipagtalo mo sa amin, ngayon na, dalhin mo sa amin ang iyong ipinananakot, kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan."

قَالُوا۟ يَٰنُوحُ قَدْ جَٰدَلْتَنَا فَأَكْثَرْتَ جِدَٰلَنَا فَأْتِنَا بِمَا تَعِدُنَآ إِن كُنتَ مِنَ ٱلصَّٰدِقِينَ ﴿٣٢﴾

33. Siya ay nagsabi: "Si Allah lamang ang makapagbibigay nito (ang kaparusahan) sa inyo, kung ito ay Kanyang naisin, at kayo ay hindi makatatalilis.

قَالَ إِنَّمَا يَأْتِيكُم بِهِ ٱللَّهُ إِن شَآءَ وَمَآ أَنتُم بِمُعْجِزِينَ ﴿٣٣﴾

34. At ang aking pagpapaala-ala (pagpapayo) ay hindi makapagbibigay ng kapakinabangan sa inyo kahit na aking naisin na bigyan kayo ng mabuting payo, kung loobin ni Allah na manatili kayong naliligaw. Siya ang inyong Panginoon! At kayo sa Kanya ay magbabalik."

وَلَا يَنفَعُكُمْ نُصْحِىٓ إِنْ أَرَدتُّ أَنْ أَنصَحَ لَكُمْ إِن كَانَ ٱللَّهُ يُرِيدُ أَن يُغْوِيَكُمْ ۚ هُوَ رَبُّكُمْ وَإِلَيْهِ تُرْجَعُونَ ﴿٣٤﴾

35. O sila kaya (na mga pagano ng Makkah) ay

أَمْ يَقُولُونَ ٱفْتَرَىٰهُ ۖ قُلْ إِنِ ٱفْتَرَيْتُهُۥ فَعَلَىَّ

nagsasabi: "Siya (Muhammad) ay kumatha nito (ang Qur'an)." Ipagbadya: "Kung ako ang kumatha nito, nasa akin ang mabigat kong kasalanan, datapuwa't ako ay walang muwang sa mga pagkakasala na inyong ginagawa."

إِجْرَامِي وَأَنَا۠ بَرِيٓءٌ مِّمَّا تُجْرِمُونَ ﴿٣٥﴾

36. At ang inspirasyon ay ibinigay kay Noah (alalaong baga, ipinaalam sa kanya ni Allah): "Walang isa man sa iyong mga tao ang mananampalataya maliban sa mga nagsipanalig na. Kaya't huwag kang malumbay dahilan sa kanilang mga ginagawa (na mga kamalian).

وَأُوحِيَ إِلَىٰ نُوحٍ أَنَّهُۥ لَن يُؤْمِنَ مِن قَوْمِكَ إِلَّا مَن قَدْ ءَامَنَ فَلَا تَبْتَئِسْ بِمَا كَانُوا۟ يَفْعَلُونَ ﴿٣٦﴾

37. At iyong itindig ang Barko (Arko) sa (ibabaw ng) Aming Paningin (at Pangangalaga) at ng Aming inspirasyon, at Ako ay huwag mong pakiusapan (hinggil) sa kapakanan ng mga gumawa ng kasalanan (hindi sumasampalataya); walang pagsala na sila ay malulunod."

وَٱصْنَعِ ٱلْفُلْكَ بِأَعْيُنِنَا وَوَحْيِنَا وَلَا تُخَٰطِبْنِى فِى ٱلَّذِينَ ظَلَمُوٓا۟ ۚ إِنَّهُم مُّغْرَقُونَ ﴿٣٧﴾

38. At habang siya ay nagtatayo ng Barko, kailanma't ang mga pinuno ng kanyang pamayanan ay nagdaraan sa harapan niya, sila ay kumukutya sa kanya. Siya (Noah) ay nagsabi: "Kung kayo ay tumutuya sa amin, gayundin naman, kayo ay aming kukutyain na kagaya ng inyong pagkutya sa amin.

وَيَصْنَعُ ٱلْفُلْكَ وَكُلَّمَا مَرَّ عَلَيْهِ مَلَأٌ مِّن قَوْمِهِۦ سَخِرُوا۟ مِنْهُ ۚ قَالَ إِن تَسْخَرُوا۟ مِنَّا فَإِنَّا نَسْخَرُ مِنكُمْ كَمَا تَسْخَرُونَ ﴿٣٨﴾

39. At mapag-aalaman ninyo kung sino ang makakatanggap ng parusa na tatakip sa kanya sa kahihiyan, at kung sino ang magkakamit ng walang hanggang sakit."

فَسَوْفَ تَعْلَمُونَ مَن يَأْتِيهِ عَذَابٌ يُخْزِيهِ وَيَحِلُّ عَلَيْهِ عَذَابٌ مُّقِيمٌ ﴿٣٩﴾

40. (Kaya't nagpatuloy ang gayong pangyayari), hanggang sa sumapit ang Aming Pag-uutos at ang bangan ay umagos (ang tubig na tila mga dalisdis sa kalupaan). Aming ipinag-utos (kay Noah): "Isakay ninyo dito (alalaong baga, sa barko) ang bawat isa (sa mga lalang na hayop) sa pares (sa bawat uri ay dalawa, lalaki at babae), at ang iyong pamilya, maliban sa kanila na ang pag-uutos (kasasapitan) ay naitalaga na (naselyuhan o natatakan na, alalaong baga, ang pamilya ni Noah na sumuway), at (iyong isakay) ang sinumang mananampalataya. At walang naniwala sa kanya maliban sa iilan."

حَتَّىٰٓ إِذَا جَآءَ أَمْرُنَا وَفَارَ ٱلتَّنُّورُ قُلْنَا ٱحْمِلْ فِيهَا مِن كُلٍّ زَوْجَيْنِ ٱثْنَيْنِ وَأَهْلَكَ إِلَّا مَن سَبَقَ عَلَيْهِ ٱلْقَوْلُ وَمَنْ ءَامَنَ ۗ وَمَآ ءَامَنَ مَعَهُۥٓ إِلَّا قَلِيلٌ ﴿٤٠﴾

41. At siya (Noah) ay nagsabi: "Magsisakay kayo (sa barko), sa Ngalan ni Allah ito ay gagalaw (uusad) at (sa Ngalan ni Allah) ito ay dadaong (aangkla). Katotohanan, ang aking Panginoon ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain."

وَقَالَ ٱرْكَبُوا۟ فِيهَا بِسْمِ ٱللَّهِ مَجْرٖىٰهَا وَمُرْسَىٰهَآ ۚ إِنَّ رَبِّى لَغَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٤١﴾

42. Kaya't (ang barko) ay naglayag (na kasama) nila sa gitna ng gabundok na mga alon, at si Noah ay tumawag sa kanyang anak na lalaki na humiwalay sa kanila. "O aking anak! Sumakay ka sa amin at huwag kang mapabilang sa mga hindi sumasampalataya."

وَهِىَ تَجْرِى بِهِمْ فِى مَوْجٍ كَٱلْجِبَالِ وَنَادَىٰ نُوحٌ ٱبْنَهُۥ وَكَانَ فِى مَعْزِلٍ يَٰبُنَىَّ ٱرْكَب مَّعَنَا وَلَا تَكُن مَّعَ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٤٢﴾

43. Ang kanyang anak na lalaki ay tumugon: "Aakyat ako sa bundok, ito ang magliligtas sa akin sa tubig." Si Noah ay nagsabi: "Sa araw na ito ay walang makapagliligtas sa Pag-uutos (Kaparusahan) ni Allah maliban sa kanya na ginawaran Niya ng Kanyang habag." At ang malaking alon ay dumaan sa pagitan nila, kaya't ang kanyang anak ay napasama sa mga nalunod.

قَالَ سَـَٔاوِىٓ إِلَىٰ جَبَلٍ يَعْصِمُنِى مِنَ ٱلْمَآءِ ۚ قَالَ لَا عَاصِمَ ٱلْيَوْمَ مِنْ أَمْرِ ٱللَّهِ إِلَّا مَن رَّحِمَ ۚ وَحَالَ بَيْنَهُمَا ٱلْمَوْجُ فَكَانَ مِنَ ٱلْمُغْرَقِينَ ﴿٤٣﴾

44. At dito ay ipinag-utos: "O kalupaan! Lagumin mo ang iyong tubig, at, O kalangitan! Pahintuin mo ang iyong ulan." At ang tubig ay bumaba (kumati) at ang kautusan ni Allah ay natupad (alalaong baga, ang pagkawasak ng mga tao ni Noah). At (ang barko) ay pumundo sa Bundok ng Judi, at dito ay ipinagsulit: "Napalis na ang mga tao na *Zalimun* (mga buktot sa kasamaan at mapagsamba sa mga diyus-diyosan)!"

وَقِيلَ يَٰٓأَرْضُ ٱبْلَعِى مَآءَكِ وَيَٰسَمَآءُ أَقْلِعِى وَغِيضَ ٱلْمَآءُ وَقُضِىَ ٱلْأَمْرُ وَٱسْتَوَتْ عَلَى ٱلْجُودِىِّ ۖ وَقِيلَ بُعْدًا لِّلْقَوْمِ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٤٤﴾

45. At si Noah ay nanikluhod sa kanyang Panginoon at nagsabi, "O aking Panginoon! Katotohanan, ang aking anak na lalaki ay kabilang sa aking pamilya! At walang pagsala, ang Inyong pangako ay katotohanan, at Kayo ang Pinakamakatarungan sa lahat ng mga hukom."

وَنَادَىٰ نُوحٌ رَّبَّهُۥ فَقَالَ رَبِّ إِنَّ ٱبْنِى مِنْ أَهْلِى وَإِنَّ وَعْدَكَ ٱلْحَقُّ وَأَنتَ أَحْكَمُ ٱلْحَٰكِمِينَ ﴿٤٥﴾

46. Siya (Allah) ay nagwika: "O Noah! Katotohanang siya ay hindi kabilang sa iyong pamilya; katotohanan, ang kanyang mga gawa ay hindi katampatan, kaya't huwag kang magsumamo sa Akin sa bagay na wala kang kaalaman! Ikaw ay Aking pinaalalahanan, kung hindi, baka ikaw ay maging isa sa mga hangal."

قَالَ يَٰنُوحُ إِنَّهُۥ لَيْسَ مِنْ أَهْلِكَ ۖ إِنَّهُۥ عَمَلٌ غَيْرُ صَٰلِحٍ ۖ فَلَا تَسْـَٔلْنِ مَا لَيْسَ لَكَ بِهِۦ عِلْمٌ ۖ إِنِّىٓ أَعِظُكَ أَن تَكُونَ مِنَ ٱلْجَٰهِلِينَ ﴿٤٦﴾

قَالَ رَبِّ إِنِّيٓ أَعُوذُ بِكَ أَنْ أَسْـَٔلَكَ مَا لَيْسَ لِي بِهِۦ عِلْمٌ ۖ وَإِلَّا تَغْفِرْ لِي وَتَرْحَمْنِيٓ أَكُن مِّنَ ٱلْخَٰسِرِينَ ﴿٤٧﴾

47. Si Noah ay nagsabi: "O aking Panginoon! Ako ay nagpapakalinga sa Inyo, dahilan sa aking paninikluhod sa Inyo (hinggil sa bagay) na wala akong kaalaman. At malibang ako ay Inyong patawarin at kahabagan, katotohanang ako ay magiging isa sa mga mapapahamak."

قِيلَ يَٰنُوحُ ٱهْبِطْ بِسَلَٰمٍ مِّنَّا وَبَرَكَٰتٍ عَلَيْكَ وَعَلَىٰٓ أُمَمٍ مِّمَّن مَّعَكَ ۚ وَأُمَمٌ سَنُمَتِّعُهُمْ ثُمَّ يَمَسُّهُم مِّنَّا عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٤٨﴾

48. Dito ay ipinagbadya: "O Noah! Ikaw ay bumaba mula sa Barko nang may kapayapaan mula sa Amin at sumaiyo ang mga biyaya at sa mga tao na kasama mo (at kanilang mga anak), datapuwa't, mayroon pang (ibang mga tao) sa kanila ang Aming pagkakalooban ng kasiyahan (nang pansamantala), subalit sa katapusan, isang masaklap na kaparusahan ang sasapit sa kanila mula sa Amin."

تِلْكَ مِنْ أَنۢبَآءِ ٱلْغَيْبِ نُوحِيهَآ إِلَيْكَ ۖ مَا كُنتَ تَعْلَمُهَآ أَنتَ وَلَا قَوْمُكَ مِن قَبْلِ هَٰذَا ۖ فَٱصْبِرْ ۖ إِنَّ ٱلْعَٰقِبَةَ لِلْمُتَّقِينَ ﴿٤٩﴾

49. Ito ang balita na Nakalingid na ipinahayag Namin sa iyo (O Muhammad), maging ikaw o ang iyong pamayanan ay hindi nakababatid nito, bago pa rito. Kaya't (ikaw) ay maging matiyaga. Katotohanan, ang mabuting wakas ay nasa *Muttaqun* (mga matimtiman at matutuwid na mananampalataya kay Allah).

وَإِلَىٰ عَادٍ أَخَاهُمْ هُودًا ۚ قَالَ يَٰقَوْمِ ٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ مَا لَكُم مِّنْ إِلَٰهٍ غَيْرُهُۥ ۖ إِنْ أَنتُمْ إِلَّا مُفْتَرُونَ ﴿٥٠﴾

50. At sa mga A'ad[27] (ay isinugo Namin) ang kanilang kapatid na si Hud. Siya (Hud) ay nagsabi: "O aking pamayanan! Sambahin ninyo si Allah! Wala na kayong iba pang *Ilah* (Diyos) maliban sa Kanya. Katotohanan, wala kayong ginagawa kundi ang kumatha ng mga kasinungalingan!"

يَٰقَوْمِ لَآ أَسْـَٔلُكُمْ عَلَيْهِ أَجْرًا ۖ إِنْ أَجْرِيَ إِلَّا عَلَى ٱلَّذِى فَطَرَنِى ۚ أَفَلَا تَعْقِلُونَ ﴿٥١﴾

51. "O aking pamayanan, ako ay hindi nanghihingi sa inyo ng pabuya sa (Mensaheng) ito. Ang aking gantimpala ay mula lamang sa Kanya na lumikha sa akin. Hindi baga kayo nakakaunawa?

وَيَٰقَوْمِ ٱسْتَغْفِرُوا۟ رَبَّكُمْ ثُمَّ تُوبُوٓا۟ إِلَيْهِ يُرْسِلِ ٱلسَّمَآءَ عَلَيْكُم مِّدْرَارًا وَيَزِدْكُمْ قُوَّةً إِلَىٰ قُوَّتِكُمْ وَلَا تَتَوَلَّوْا۟

52. At aking pamayanan! Dumulog kayo tungo sa kapatawaran ng inyong Panginoon at magbalik-loob kayo sa Kanya. Pamamalibisbisin Niya mula (sa alapaap) ang saganang ulan at daragdagan niya ng lakas ang inyong lakas,

[27] A'ad: Isang pamayanan sa peninsula ng Arabia kung saan isinugo ni Allah si Propeta Hud.

kaya't huwag kayong magsitalikod na tulad ng *Mujrimun* (mga buhong, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, mapagsamba sa mga diyus-diyosan)."

مُجْرِمِينَ ﴿٥٢﴾

53. Sila ay nagsasabi: "O Hud! Wala kang katibayan na inihantad sa amin, at hindi namin tatalikuran ang aming mga diyos (na sinasamba) dahil lamang sa iyong pangangaral! At kami ay hindi maniniwala sa iyo."

قَالُوا يَا هُودُ مَا جِئْتَنَا بِبَيِّنَةٍ وَمَا نَحْنُ بِتَارِكِي آلِهَتِنَا عَن قَوْلِكَ وَمَا نَحْنُ لَكَ بِمُؤْمِنِينَ ﴿٥٣﴾

54. Ang amin lamang masasabi ay: "Ang ilan sa aming mga diyos (mga huwad na sinasamba) ay sumakmal sa iyo sa kasamaan." Siya (Hud) ay nagsabi: "Tinatawagan ko si Allah na sumaksi at kayo ang makapagpapatotoo na ako ay malaya sa lahat ng mga itinatambal ninyong mga kaakibat sa pagsamba, -

إِن نَّقُولُ إِلَّا اعْتَرَاكَ بَعْضُ آلِهَتِنَا بِسُوءٍ ۗ قَالَ إِنِّي أُشْهِدُ اللَّهَ وَاشْهَدُوا أَنِّي بَرِيءٌ مِّمَّا تُشْرِكُونَ ﴿٥٤﴾

55. Sa Kanya (Allah). Kaya't magbalak kayo laban sa akin, kayong lahat, at huwag na ninyong ipagpaliban (o bigyan ako ng palugit).

مِن دُونِهِ ۖ فَكِيدُونِي جَمِيعًا ثُمَّ لَا تُنظِرُونِ ﴿٥٥﴾

56. Ipinapaubaya ko ang aking pagtitiwala kay Allah, ang aking Panginoon at inyong Panginoon! Wala ni isa mang gumagalaw (may buhay) na nilikha ang hindi Niya hawak ang kanyang palawit na buhok (alalaong baga, nasa Kanyang Kapangyarihan). Katotohanan, ang aking Panginoon ay nasa Matuwid na Landas (ang Katotohanan).

إِنِّي تَوَكَّلْتُ عَلَى اللَّهِ رَبِّي وَرَبِّكُم ۚ مَّا مِن دَابَّةٍ إِلَّا هُوَ آخِذٌ بِنَاصِيَتِهَا ۚ إِنَّ رَبِّي عَلَىٰ صِرَاطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿٥٦﴾

57. Kaya't kung kayo ay magsitalikod, gayunpaman, ay akin nang naiparating sa inyo ang (Kanyang) Mensahe kung bakit ako ay isinugo sa inyo. Ang aking Panginoon ay maghahalili sa inyo ng ibang mga tao at hindi kayo makapamiminsala sa Kanya kahit na katiting. Katotohanan, ang aking Panginoon ay Tagapangalaga ng lahat ng bagay."

فَإِن تَوَلَّوْا فَقَدْ أَبْلَغْتُكُم مَّا أُرْسِلْتُ بِهِ إِلَيْكُمْ ۚ وَيَسْتَخْلِفُ رَبِّي قَوْمًا غَيْرَكُمْ وَلَا تَضُرُّونَهُ شَيْئًا ۚ إِنَّ رَبِّي عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ حَفِيظٌ ﴿٥٧﴾

58. At nang ang Aming Pag-uutos (Pagpaparusa) ay sumapit (sa kanila), iniligtas Namin si Hud at yaong nagsipaniwala sa kanya sa pamamagitan ng Habag na mula sa Amin, at iniadya Namin sila sa kasakit-sakit na kaparusahan.

وَلَمَّا جَاءَ أَمْرُنَا نَجَّيْنَا هُودًا وَالَّذِينَ آمَنُوا مَعَهُ بِرَحْمَةٍ مِّنَّا وَنَجَّيْنَاهُم مِّنْ عَذَابٍ غَلِيظٍ ﴿٥٨﴾

59. At (sila) yaong A'ad. Itinakwil nila ang *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda) ng

وَتِلْكَ عَادٌ ۖ جَحَدُوا بِآيَاتِ رَبِّهِمْ وَعَصَوْا رُسُلَهُ وَاتَّبَعُوا أَمْرَ كُلِّ جَبَّارٍ عَنِيدٍ ﴿٥٩﴾

kanilang Panginoon at sinuway nila ang Kanyang mga Sugo, at sinunod nila ang pag-uutos ng bawat palalo at sutil (mga sumasalansang sa katotohanan).

وَأُتْبِعُوا۟ فِى هَٰذِهِ ٱلدُّنْيَا لَعْنَةً وَيَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ ۗ أَلَآ إِنَّ عَادًا كَفَرُوا۟ رَبَّهُمْ ۗ أَلَا بُعْدًا لِّعَادٍ قَوْمِ هُودٍ ﴿٦٠﴾

60. At sila ay tinugis ng sumpa sa mundong ito at (poot ni Allah) sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Walang alinlangan! Katotohanan, ang (tribu ng) A'ad ay hindi nanampalataya sa kanilang Panginoon. Kaya't palisin ang (lahi ng) A'ad, ang tauhan ni Hud.

وَإِلَىٰ ثَمُودَ أَخَاهُمْ صَٰلِحًا ۚ قَالَ يَٰقَوْمِ ٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ مَا لَكُم مِّنْ إِلَٰهٍ غَيْرُهُۥ ۖ هُوَ أَنشَأَكُم مِّنَ ٱلْأَرْضِ وَٱسْتَعْمَرَكُمْ فِيهَا فَٱسْتَغْفِرُوهُ ثُمَّ تُوبُوٓا۟ إِلَيْهِ ۚ إِنَّ رَبِّى قَرِيبٌ مُّجِيبٌ ﴿٦١﴾

61. At sa mga Thamud[28] (ay isinugo) namin ang kanilang kapatid na si Salih. Siya ay nagbadya: "O aking pamayanan! Sambahin ninyo si Allah, wala na kayong ibang *Ilah* (Diyos) maliban sa Kanya. Kanyang ginawa (at itinanghal) kayo mula sa lupa at dito ay Kanyang itinira kayo, kaya't humingi kayo ng Kanyang pagpapatawad at bumaling kayo sa Kanya sa pagsisisi. Katotohanan, ang aking Panginoon ay Laging Malapit (sa lahat, sa pamamagitan ng Kanyang Kaalaman), ang Maaasahan (Tagatanggap ng kahilingan)."

قَالُوا۟ يَٰصَٰلِحُ قَدْ كُنتَ فِينَا مَرْجُوًّا قَبْلَ هَٰذَآ ۖ أَتَنْهَىٰنَآ أَن نَّعْبُدَ مَا يَعْبُدُ ءَابَآؤُنَا ۖ وَإِنَّنَا لَفِى شَكٍّ مِّمَّا تَدْعُونَآ إِلَيْهِ مُرِيبٍ ﴿٦٢﴾

62. Sila ay nagsabi: "O Salih! Ikaw ay nasa aming piling bilang isang pinagkukunan ng pag-asa bago pa rito; (at naghangad kami para sa iyo na ikaw ay aming maging pinuno). Ngayon ay iyong pinagbabawalan kami na sambahin ang sinasamba ng aming mga ninuno (at sambahin lamang ang iyong Diyos [Allah])! At katotohanan na kami, tungkol sa bagay na kami ay iyong inaanyayahan ay lubhang nag-aalinlangan (tungkol sa pagsampalataya sa Kaisahan ni Allah).

قَالَ يَٰقَوْمِ أَرَءَيْتُمْ إِن كُنتُ عَلَىٰ بَيِّنَةٍ مِّن رَّبِّى وَءَاتَىٰنِى مِنْهُ رَحْمَةً فَمَن يَنصُرُنِى مِنَ ٱللَّهِ إِنْ عَصَيْتُهُۥ ۖ فَمَا تَزِيدُونَنِى غَيْرَ تَخْسِيرٍ ﴿٦٣﴾

63. Siya ay nagbadya: "O aking pamayanan, inyo bagang isinaalang-alang kung ako ay mayroong maliwanag na katibayan mula sa aking Panginoon, at may dumatal sa akin na Habag (ang pagka-Propeta) mula sa Kanya, sino kaya baga ang makakatulong sa akin laban

[28] Thamud: Isang pamayanan ng sinaunang tribu mula sa paganong Arabo kung kanino isinugo ni Allah ang Propetang si Salih, at winasak (ni Allah) dahilan sa kanilang kasamaan. Sila ay lubhang nahihirati sa pagiging palalo.

kay Allah kung ako ay susuway sa Kanya? Kaya't ako ay hindi ninyo mapag-iibayo maliban sa pagkaligaw.

وَيَٰقَوْمِ هَٰذِهِۦ نَاقَةُ ٱللَّهِ لَكُمْ ءَايَةً فَذَرُوهَا تَأْكُلْ فِىٓ أَرْضِ ٱللَّهِ وَلَا تَمَسُّوهَا بِسُوٓءٍ فَيَأْخُذَكُمْ عَذَابٌ قَرِيبٌ ﴿٦٤﴾

64. Gayundin, O aking pamayanan! Itong babaeng kamelyo ni Allah ay isang Tanda para sa inyo, kaya't inyong hayaan siya na nanginginain sa kalupaan ni Allah at siya ay huwag ninyong saktan, kung hindi, baka ang isang napipintong kaparusahan ay sumunggab sa inyo."

فَعَقَرُوهَا فَقَالَ تَمَتَّعُوا۟ فِى دَارِكُمْ ثَلَٰثَةَ أَيَّامٍ ۖ ذَٰلِكَ وَعْدٌ غَيْرُ مَكْذُوبٍ ﴿٦٥﴾

65. Nguni't kanilang pinatay siya (ang babaeng kamelyo). Kaya't siya (Salih) ay nagbadya: "Magpakasaya kayo sa inyong mga tahanan sa loob ng tatlong araw. Ito ay isang pangako (alalaong baga, isang banta), na hindi mapapasinungalingan."

فَلَمَّا جَآءَ أَمْرُنَا نَجَّيْنَا صَٰلِحًا وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مَعَهُۥ بِرَحْمَةٍ مِّنَّا وَمِنْ خِزْىِ يَوْمِئِذٍ ۚ إِنَّ رَبَّكَ هُوَ ٱلْقَوِىُّ ٱلْعَزِيزُ ﴿٦٦﴾

66. Kaya't nang ang Aming Pag-uutos (Kaparusahan) ay dumatal, iniligtas Namin si Salih at ang nagsipaniwala sa kanya sa pamamagitan ng Habag mula sa Amin at (iniligtas Namin sila) sa kahihiyan sa Araw na yaon. Katotohanan ang iyong Panginoon, Siya ang Tanging Ganap na Malakas, ang Sukdol sa Kapangyarihan.

وَأَخَذَ ٱلَّذِينَ ظَلَمُوا۟ ٱلصَّيْحَةُ فَأَصْبَحُوا۟ فِى دِيَٰرِهِمْ جَٰثِمِينَ ﴿٦٧﴾

67. At ang Nakasisindak na Tili (Hiyaw o pagsabog mula sa kalangitan) ay sumakmal sa mga buktot, kaya't sila ay nakahandusay na patay, na nakalugmok sa kanilang mga tahanan,

كَأَن لَّمْ يَغْنَوْا۟ فِيهَا ۗ أَلَآ إِنَّ ثَمُودَا۟ كَفَرُوا۟ رَبَّهُمْ ۗ أَلَا بُعْدًا لِّثَمُودَ ﴿٦٨﴾

68. Na wari bang sila ay hindi nanirahan doon. Katotohanang ang (lahi ng) Thamud ay hindi nanampalataya sa kanilang Panginoon. Kaya't palisin ang (lahi ng) Thamud!

وَلَقَدْ جَآءَتْ رُسُلُنَآ إِبْرَٰهِيمَ بِٱلْبُشْرَىٰ قَالُوا۟ سَلَٰمًا ۖ قَالَ سَلَٰمٌ ۖ فَمَا لَبِثَ أَن جَآءَ بِعِجْلٍ حَنِيذٍ ﴿٦٩﴾

69. At katotohanang may dumatal kay Abraham na mga Sugo (mga Anghel) mula sa Amin na may magandang balita. Sila ay nagsibati ng *Salam* (Kapayapaan!). Siya ay tumugon, *Salam* (Kapayapaan!), at nag-aapura siya sa pag-aasikaso sa kanila sa paghahanda ng litsong baka.

فَلَمَّا رَءَآ أَيْدِيَهُمْ لَا تَصِلُ إِلَيْهِ نَكِرَهُمْ وَأَوْجَسَ مِنْهُمْ خِيفَةً ۚ قَالُوا۟ لَا تَخَفْ إِنَّآ

70. Datapuwa't nang mamasdan niya na ang kanilang mga kamay ay hindi bumabaon (sa pagkain), siya ay nakadama ng pag-aalinlangan

sa kanila, at siya ay nagkaroon ng pangangamba. Sila ay nagsabi: "Huwag kang matakot, kami ay isinugo laban sa mga tao ni Lut."

أُرْسِلْنَآ إِلَىٰ قَوْمِ لُوطٍ ﴿٧٠﴾

71. At ang kanyang asawa ay nakatindig dito, at siya ay natawa (maaaring dahil sa ang mga Sugo ay hindi kumain sa kanilang pagkain o siya ay nasiyahan nang malamang mawawasak ang mga tao ni Lut); datapuwa't inihatid Namin sa kanya ang magandang balita (tungkol) kay Isaac, at ang magiging kasunod ni Isaac na si Hakob.

وَٱمْرَأَتُهُۥ قَآئِمَةٌ فَضَحِكَتْ فَبَشَّرْنَٰهَا بِإِسْحَٰقَ وَمِن وَرَآءِ إِسْحَٰقَ يَعْقُوبَ ﴿٧١﴾

72. Siya (ang asawa ni Abraham) ay nagsabi (ng may pagkamangha): "Sa aba ko! Ako baga ay magdadalangtao pa gayong ako ay isa ng matandang babae, at narito ang aking asawa, isang matandang lalaki? Katotohanan! Ito ay isang kataka-takang bagay!"

قَالَتْ يَٰوَيْلَتَىٰٓ ءَأَلِدُ وَأَنَا۠ عَجُوزٌ وَهَٰذَا بَعْلِى شَيْخًا إِنَّ هَٰذَا لَشَىْءٌ عَجِيبٌ ﴿٧٢﴾

73. Sila ay nagwika: "Ikaw baga ay namamangha sa pag-uutos ni Allah? Ang Habag ni Allah at Kanyang mga Biyaya ay sumainyo, O Pamilya (ni Abraham). Katotohanan, Siya (Allah) ay Puspos ng Karangalan, ang Tigib ng Kaluwalhatian."

قَالُوٓا۟ أَتَعْجَبِينَ مِنْ أَمْرِ ٱللَّهِ رَحْمَتُ ٱللَّهِ وَبَرَكَٰتُهُۥ عَلَيْكُمْ أَهْلَ ٱلْبَيْتِ ۚ إِنَّهُۥ حَمِيدٌ مَّجِيدٌ ﴿٧٣﴾

74. At nang ang pangangamba ay mapawi (sa isipan) ni Abraham, at ang mabuting balita ay umabot sa kanya, siya ay nagpasimulang mag-usisa (at mangatwiran) sa amin (mga Sugong Anghel) para sa kapakanan ng mga tao ni Lut.

فَلَمَّا ذَهَبَ عَنْ إِبْرَٰهِيمَ ٱلرَّوْعُ وَجَآءَتْهُ ٱلْبُشْرَىٰ يُجَٰدِلُنَا فِى قَوْمِ لُوطٍ ﴿٧٤﴾

75. Katotohanan, si Abraham ay matiisin, at lagi nang tumatawag kay Allah ng may kapakumbabaan, at mapagsisi (kay Allah sa lahat ng oras, nang paulit-ulit).

إِنَّ إِبْرَٰهِيمَ لَحَلِيمٌ أَوَّٰهٌ مُّنِيبٌ ﴿٧٥﴾

76. O Abraham! Kalimutan mo ito (ang paninikluhod para sa kapakanan ng mga tao ni Lut). Katotohanan, ang pag-uutos (kaparusahan) ng iyong Panginoon ay sumapit na. Katotohanang daratal sa kanila ang kaparusahan na hindi mapapasubalian.

يَٰٓإِبْرَٰهِيمُ أَعْرِضْ عَنْ هَٰذَآ ۖ إِنَّهُۥ قَدْ جَآءَ أَمْرُ رَبِّكَ ۖ وَإِنَّهُمْ ءَاتِيهِمْ عَذَابٌ غَيْرُ مَرْدُودٍ ﴿٧٦﴾

77. At nang ang Aming mga Sugo (Anghel) ay dumatal kay Lut, siya ay nalumbay sa kanilang salaysay at nakadama siya ng panliliit para sa kanila (na baka ang mga tao sa bayan ay lumapit sa kanila at gumawa ng sodomya sa kanila). Siya ay nagsabi: "Ito ay isang

وَلَمَّا جَآءَتْ رُسُلُنَا لُوطًا سِىٓءَ بِهِمْ وَضَاقَ بِهِمْ ذَرْعًا وَقَالَ هَٰذَا يَوْمٌ عَصِيبٌ ﴿٧٧﴾

nakakahapis na araw."

78. At ang kanyang mga tao ay dumating sa kanya na rumaragasa, at noon pa mang una, sila ay hirati na sa paggawa nang mabibigat na kasalanan (sodomya), siya ay nag-alok: "O aking mga tao! Naririto ang aking mga anak na babae (alalaong baga, ang mga anak na babae ng aking lahi), sila ay dalisay para sa inyo (kung sila ay inyong pakakasalan ng ayon sa batas). Kaya't pangambahan ninyo si Allah at ako ay huwag ninyong hamakin sa harapan ng aking mga panauhin! Wala ba sa lipon ninyo kahit na isa ang may matuwid na pag-iisip?"

وَجَآءَهُۥ قَوْمُهُۥ يُهْرَعُونَ إِلَيْهِ وَمِن قَبْلُ كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ٱلسَّيِّـَٔاتِ ۚ قَالَ يَٰقَوْمِ هَٰٓؤُلَآءِ بَنَاتِى هُنَّ أَطْهَرُ لَكُمْ ۖ فَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَلَا تُخْزُونِ فِى ضَيْفِىٓ ۖ أَلَيْسَ مِنكُمْ رَجُلٌ رَّشِيدٌ ﴿٧٨﴾

79. Sila ay nagsabi: "Katiyakan na iyong ganap na batid na kami ay walang pagnanasa o pangangailangan sa iyong mga anak na babae, at tunay na batid mo kung ano ang aming nagugustuhan!"

قَالُوا۟ لَقَدْ عَلِمْتَ مَا لَنَا فِى بَنَاتِكَ مِنْ حَقٍّ وَإِنَّكَ لَتَعْلَمُ مَا نُرِيدُ ﴿٧٩﴾

80. Siya ay nagsabi: "Sana ay mayroon akong lakas (o mga tao na makakatulong) upang kayo ay aking magapi, o di kaya ay makapanangan ang aking sarili sa isang makapangyarihang tulong (upang mahadlangan kayo)."

قَالَ لَوْ أَنَّ لِى بِكُمْ قُوَّةً أَوْ ءَاوِىٓ إِلَىٰ رُكْنٍ شَدِيدٍ ﴿٨٠﴾

81. Sila (ang mga Anghel) ay nagwika: "O Lut! Katotohanang kami ay mga Sugo mula sa iyong Panginoon! Ikaw ay hindi nila maaabutan (matutugis). Kaya't maglakbay ka na kasama ng iyong pamilya sa ilang bahagi ng gabi, at huwag bayaan ang sinuman sa inyo na lumingon sa likuran, maliban lamang sa iyong asawa (sapagka't siya ay maiiwan), katotohanan, ang kaparusahan na igagawad sa kanila ay matitikman niya. Katiyakan, ang umaga ang kanilang takdang oras. Hindi baga ang umaga ay malapit na?"

قَالُوا۟ يَٰلُوطُ إِنَّا رُسُلُ رَبِّكَ لَن يَصِلُوٓا۟ إِلَيْكَ ۖ فَأَسْرِ بِأَهْلِكَ بِقِطْعٍ مِّنَ ٱلَّيْلِ وَلَا يَلْتَفِتْ مِنكُمْ أَحَدٌ إِلَّا ٱمْرَأَتَكَ ۖ إِنَّهُۥ مُصِيبُهَا مَآ أَصَابَهُمْ ۚ إِنَّ مَوْعِدَهُمُ ٱلصُّبْحُ ۚ أَلَيْسَ ٱلصُّبْحُ بِقَرِيبٍ ﴿٨١﴾

82. Kaya't nang ang Aming Pag-uutos (Kaparusahan) ay sumapit, ay ginawa Naming ang pinakamataas na bahagi (ng mga bayan ng Sodom sa Palestina) na pinakamababa (alalaong baga, winasak at pinatag), at pinaulan Namin sa kanila ang mga hinurnong putik na bato (na nakakalat) nang patung-patong;

فَلَمَّا جَآءَ أَمْرُنَا جَعَلْنَا عَٰلِيَهَا سَافِلَهَا وَأَمْطَرْنَا عَلَيْهَا حِجَارَةً مِّن سِجِّيلٍ مَّنضُودٍ ﴿٨٢﴾

مُّسَوَّمَةً عِندَ رَبِّكَ ۚ وَمَا هِيَ مِنَ ٱلظَّٰلِمِينَ بِبَعِيدٍ ﴿٨٣﴾

83. Na minarkahan mula sa iyong Panginoon, at sila ay hindi malayo sa *Zalimun* (mga buhong sa kasamaan, mapagsamba sa diyus-diyosan).

۞ وَإِلَىٰ مَدْيَنَ أَخَاهُمْ شُعَيْبًا ۚ قَالَ يَٰقَوْمِ ٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ مَا لَكُم مِّنْ إِلَٰهٍ غَيْرُهُۥ ۖ وَلَا تَنقُصُوا۟ ٱلْمِكْيَالَ وَٱلْمِيزَانَ ۖ إِنِّىٓ أَرَىٰكُم بِخَيْرٍ وَإِنِّىٓ أَخَافُ عَلَيْكُمْ عَذَابَ يَوْمٍ مُّحِيطٍ ﴿٨٤﴾

84. At sa pamayanan ng Madyan (Midian) ay isinugo Namin ang kanilang kapatid na si Shuaib. Siya ay nagbadya: "O aking pamayanan! Sambahin si Allah, wala na kayong ibang *Ilah* (Diyos) maliban sa Kanya, at huwag magbigay ng kapos na sukat o timbang, kayo ay aking nakikita sa pananagana. At katotohanan, aking pinangangambahan para sa inyo ang kaparusahan ng Araw na sumasakop.

وَيَٰقَوْمِ أَوْفُوا۟ ٱلْمِكْيَالَ وَٱلْمِيزَانَ بِٱلْقِسْطِ ۖ وَلَا تَبْخَسُوا۟ ٱلنَّاسَ أَشْيَآءَهُمْ وَلَا تَعْثَوْا۟ فِى ٱلْأَرْضِ مُفْسِدِينَ ﴿٨٥﴾

85. O aking pamayanan! Magbigay ng hustong sukat at timbang ng may katarungan at huwag bawasan ang bagay na nararapat sa mga tao, at huwag kayong gumawa ng kabuktutan sa kalupaan, na siyang nagiging dahilan ng katiwalian (kasamaan).

بَقِيَّتُ ٱللَّهِ خَيْرٌ لَّكُمْ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ۚ وَمَآ أَنَا۠ عَلَيْكُم بِحَفِيظٍ ﴿٨٦﴾

86. Kung ano ang ibahagi sa inyo ni Allah (matapos ninyong ibigay ang karapatan ng mga tao), ito ay higit na mabuti sa inyo kung kayo ay nananampalataya. At ako ay hindi itinalaga sa inyo bilang inyong tagapangalaga."

قَالُوا۟ يَٰشُعَيْبُ أَصَلَوٰتُكَ تَأْمُرُكَ أَن نَّتْرُكَ مَا يَعْبُدُ ءَابَآؤُنَآ أَوْ أَن نَّفْعَلَ فِىٓ أَمْوَٰلِنَا مَا نَشَٰٓؤُا۟ ۖ إِنَّكَ لَأَنتَ ٱلْحَلِيمُ ٱلرَّشِيدُ ﴿٨٧﴾

87. Sila ay nagsabi: "O Shuaib! Ang iyo bang mga pagdarasal ay nag-uutos na aming talikdan ang sinasamba ng aming mga ninuno o kaya ay aming talikuran ang nais naming gawin sa aming ari-arian. Katotohanang ikaw ay matiisin at may tamang pag-iisip!" (Ito ay sinasabi nila ng may panunuya).

قَالَ يَٰقَوْمِ أَرَءَيْتُمْ إِن كُنتُ عَلَىٰ بَيِّنَةٍ مِّن رَّبِّى وَرَزَقَنِى مِنْهُ رِزْقًا حَسَنًا ۚ وَمَآ أُرِيدُ أَنْ أُخَالِفَكُمْ إِلَىٰ مَآ أَنْهَىٰكُمْ عَنْهُ ۚ إِنْ أُرِيدُ إِلَّا ٱلْإِصْلَٰحَ مَا ٱسْتَطَعْتُ ۚ وَمَا تَوْفِيقِىٓ إِلَّا بِٱللَّهِ ۚ عَلَيْهِ تَوَكَّلْتُ وَإِلَيْهِ أُنِيبُ ﴿٨٨﴾

88. Siya ay nagbadya: "O aking pamayanan, inyo bagang isinaalang-alang kung ako ay mayroong maliwanag na katibayan mula sa aking Panginoon, at biniyayaan niya ako ng mabuting panustos mula sa Kanyang Sarili (pasasamain ko ba ito sa pamamagitan ng paghahalo rito ng hindi pinahihintulutang salapi [ilegal na kita]). Hindi ko nais bilang pagsalansang sa inyo na aking gawin ang mga bagay na ipinagbabawal ko sa inyo. Hinahangad ko lamang ang pagbabago (pagpapabuti para sa inyong kapakanan) sa abot ng aking makakaya.

At ang aking patnubay ay hindi nanggagaling (sa iba pa) maliban lamang kay Allah, sa Kanya ako ay nananalig, at sa Kanya ako ay (bumabaling) sa pagsisisi.

وَيَٰقَوْمِ لَا يَجْرِمَنَّكُمْ شِقَاقِىٓ أَن يُصِيبَكُم مِّثْلُ مَآ أَصَابَ قَوْمَ نُوحٍ أَوْ قَوْمَ هُودٍ أَوْ قَوْمَ صَٰلِحٍ ۚ وَمَا قَوْمُ لُوطٍ مِّنكُم بِبَعِيدٍ ﴿٨٩﴾

89. O aking pamayanan! Huwag hayaang ang aking pagsalungat (pagkapoot dahil sa inyong kawalan ng pananalig kay Allah at sa inyong pagsamba sa mga diyus-diyosan) ang maging dahilan upang tamuhin ninyo ang kinahinatnan ng mga tao ni Noah o ni Hud o ni Salih, at ang mga tao ni Lut ay hindi malayo sa inyo!

وَٱسْتَغْفِرُوا۟ رَبَّكُمْ ثُمَّ تُوبُوٓا۟ إِلَيْهِ ۚ إِنَّ رَبِّى رَحِيمٌ وَدُودٌ ﴿٩٠﴾

90. At humingi kayo ng pagpapatawad sa inyong Panginoon at bumaling kayo sa Kanya sa pagsisisi. Katotohanan, ang aking Panginoon ay Pinakamaawain, ang Pinakamapagmahal."

قَالُوا۟ يَٰشُعَيْبُ مَا نَفْقَهُ كَثِيرًا مِّمَّا تَقُولُ وَإِنَّا لَنَرَىٰكَ فِينَا ضَعِيفًا ۖ وَلَوْلَا رَهْطُكَ لَرَجَمْنَٰكَ ۖ وَمَآ أَنتَ عَلَيْنَا بِعَزِيزٍ ﴿٩١﴾

91. Sila ay nagsabi: "O Shuaib! Hindi namin nauunawaan ang karamihan ng iyong sinasabi, at nakikita namin na ikaw ay mahinang tao sa amin (sinasabi rito na siya ay isang bulag). Kung hindi lamang sa iyong pamilya, katiyakang ikaw ay binato na namin! Sapagkat para sa amin, ikaw ay hindi kagalang-galang."

قَالَ يَٰقَوْمِ أَرَهْطِىٓ أَعَزُّ عَلَيْكُم مِّنَ ٱللَّهِ ۖ وَٱتَّخَذْتُمُوهُ وَرَآءَكُمْ ظِهْرِيًّا ۖ إِنَّ رَبِّى بِمَا تَعْمَلُونَ مُحِيطٌ ﴿٩٢﴾

92. Siya ay nagbadya: "O aking pamayanan! Ang aking pamilya baga ay higit na mahalaga sa inyo kaysa kay Allah? At Siya ay lubusan ninyong ipinagwalang-bahala (sa pagkalimot at pagpapabaya). Katotohanan, ang aking Panginoon ay Lubos na Nakababatid sa lahat ng inyong ginagawa.

وَيَٰقَوْمِ ٱعْمَلُوا۟ عَلَىٰ مَكَانَتِكُمْ إِنِّى عَٰمِلٌ ۖ سَوْفَ تَعْلَمُونَ مَن يَأْتِيهِ عَذَابٌ يُخْزِيهِ وَمَنْ هُوَ كَٰذِبٌ ۖ وَٱرْتَقِبُوٓا۟ إِنِّى مَعَكُمْ رَقِيبٌ ﴿٩٣﴾

93. O aking pamayanan! Magsigawa kayo ng ayon sa inyong kakayahan at paraan at gagawin ko ang aking paraan. Hindi magtatagal ay inyong mapag-aalaman kung sino ang sasapitin ng kaparusahan na kadusta-dustang babalot sa kanya, at kung sino ang sinungaling! At magmanman kayo! Katotohanan, ako rin ay nagmamasid (naghihintay) na kasama ninyo."

وَلَمَّا جَآءَ أَمْرُنَا نَجَّيْنَا شُعَيْبًا وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مَعَهُۥ بِرَحْمَةٍ مِّنَّا وَأَخَذَتِ ٱلَّذِينَ ظَلَمُوا۟ ٱلصَّيْحَةُ فَأَصْبَحُوا۟ فِى دِيَٰرِهِمْ جَٰثِمِينَ ﴿٩٤﴾

94. At nang ang Aming Pag-uutos (Kaparusahan) ay dumatal, iniligtas Namin si Shuaib at ang mga tao na nagsipaniwala sa kanya sa pamamagitan ng Habag mula sa Amin. At ang Nakasisindak na Tili (Hiyaw o pagsabog

mula sa kalangitan at kalagim-lagim na Panaghoy) ay sumakmal sa mga buktot, kaya't sila ay nakahandusay na patay, na nakalugmok sa kanilang mga tahanan.

كَأَن لَّمْ يَغْنَوْا۟ فِيهَآ ۗ أَلَا بُعْدًا لِّمَدْيَنَ كَمَا بَعِدَتْ ثَمُودُ ﴿٩٥﴾

95. Na wari bang sila ay hindi nanirahan doon! Kaya't palisin ang (lahi ng) Madyan (Midian) kung paanong ang (lahi ng) Thamud ay pinalis! (Ang lahat ng mga bansa o pamayanang ito ay winasak).

وَلَقَدْ أَرْسَلْنَا مُوسَىٰ بِـَٔايَـٰتِنَا وَسُلْطَـٰنٍ مُّبِينٍ ﴿٩٦﴾

96. At katotohanang isinugo Namin si Moises na taglay ang Aming *Ayat* (mga kapahayagan, aral at alituntunin), at ang malinaw na kapangyarihan (mga Himala);

إِلَىٰ فِرْعَوْنَ وَمَلَإِيْهِ فَٱتَّبَعُوٓا۟ أَمْرَ فِرْعَوْنَ ۖ وَمَآ أَمْرُ فِرْعَوْنَ بِرَشِيدٍ ﴿٩٧﴾

97. Kay Paraon at sa kanyang mga pinuno, datapuwa't sinunod nila ang pag-uutos ni Paraon, at ang pag-uutos ni Paraon ay hindi katumpakan.

يَقْدُمُ قَوْمَهُۥ يَوْمَ ٱلْقِيَـٰمَةِ فَأَوْرَدَهُمُ ٱلنَّارَ ۖ وَبِئْسَ ٱلْوِرْدُ ٱلْمَوْرُودُ ﴿٩٨﴾

98. Siya ay mangunguna sa kanyang mga tao sa Araw ng Muling Pagkabuhay at kanyang aakayin sila sa Apoy, at katiyakang kasamaan ang lugar na kanilang patutunguhan.

وَأُتْبِعُوا۟ فِى هَـٰذِهِۦ لَعْنَةً وَيَوْمَ ٱلْقِيَـٰمَةِ ۚ بِئْسَ ٱلرِّفْدُ ٱلْمَرْفُودُ ﴿٩٩﴾

99. Sila ay tinugis ng isang sumpa sa (mapanglinlang na buhay ng mundong ito) at gayon din (sila ay tutugisin ng isang sumpa) sa Araw ng Muling Pagkabuhay. At kahapis-hapis ang gantimpala na igagawad (sa kanila sa Kabilang Buhay)!

ذَٰلِكَ مِنْ أَنۢبَآءِ ٱلْقُرَىٰ نَقُصُّهُۥ عَلَيْكَ مِنْهَا قَآئِمٌ وَحَصِيدٌ ﴿١٠٠﴾

100. Ito ay mga kasaysayan (balita) ng mga bayan (pamayanan) na Aming isinalaysay sa iyo (O Muhammad), ang iba ay nakatindig pa (ang kanilang bakas o guho ay namamasdan pa), at ang iba ay gapas na (putol na o inani na ang palay, atbp. sa lilik ng panahon, alalaong baga, naglaho na ang kanilang guho).

وَمَا ظَلَمْنَـٰهُمْ وَلَـٰكِن ظَلَمُوٓا۟ أَنفُسَهُمْ ۖ فَمَآ أَغْنَتْ عَنْهُمْ ءَالِهَتُهُمُ ٱلَّتِى يَدْعُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ مِن شَىْءٍ لَّمَّا جَآءَ أَمْرُ رَبِّكَ ۖ وَمَا زَادُوهُمْ غَيْرَ تَتْبِيبٍ ﴿١٠١﴾

101. Hindi Namin sila ipinalungi, datapuwa't ipinalungi nila ang kanilang sarili. Kaya't ang kanilang mga diyos maliban pa kay Allah na sila nilang pinananalanginan, ay hindi nagbigay ng kapakinabangan sa kanila nang dumatal ang Pag-uutos (Kaparusahan) ng iyong Panginoon, at hindi rin ito nakapagdagdag ng anuman sa kanilang kinasadlakan maliban sa pagkapariwara.

وَكَذَٰلِكَ أَخْذُ رَبِّكَ إِذَآ أَخَذَ ٱلْقُرَىٰ وَهِىَ ظَـٰلِمَةٌ ۚ إِنَّ أَخْذَهُۥٓ أَلِيمٌ شَدِيدٌ ﴿١٠٢﴾

102. Ganito ang Pagdaklot (Pagpaparusa) ng iyong Panginoon, nang Kanyang sakmalin (ang pamayanan) ng mga bayan habang sila ay

gumagawa ng kamalian. Katotohanan, ang Kanyang Pagdaklot ay masakit at masidhi.

إِنَّ فِي ذَٰلِكَ لَآيَةً لِّمَنْ خَافَ عَذَابَ ٱلْآخِرَةِ ۚ ذَٰلِكَ يَوْمٌ مَّجْمُوعٌ لَّهُ ٱلنَّاسُ وَذَٰلِكَ يَوْمٌ مَّشْهُودٌ ﴿١٠٣﴾

103. Katotohanan, sa mga ito ay (mayroong) tiyak na aral sa mga may pagkatakot sa kaparusahan sa Kabilang Buhay. Ito ang Araw na ang sangkatauhan ay titipunin nang sama-sama, at ito ang Araw (na mangyayaring) masaksihan (alalaong baga, ang lahat ng mga naninirahan sa kalangitan at kalupaan ay naroroon upang sumaksi).

وَمَا نُؤَخِّرُهُۥٓ إِلَّا لِأَجَلٍ مَّعْدُودٍ ﴿١٠٤﴾

104. At inaantala lamang Namin ito hanggang sa sandali (na noon pa) ay itinakda na.

يَوْمَ يَأْتِ لَا تَكَلَّمُ نَفْسٌ إِلَّا بِإِذْنِهِۦ ۚ فَمِنْهُمْ شَقِيٌّ وَسَعِيدٌ ﴿١٠٥﴾

105. Sa pagsapit ng Araw na ito, walang sinumang (kaluluwa) ang makapangungusap malibang pahintulutan (ni Allah). Ang iba sa kanila ay mga sawing-palad at ang iba ay mga pinagpala.

فَأَمَّا ٱلَّذِينَ شَقُوا۟ فَفِى ٱلنَّارِ لَهُمْ فِيهَا زَفِيرٌ وَشَهِيقٌ ﴿١٠٦﴾

106. Kaya't sila (na nakatakdang) masawi (sa kaparusahan), sila ay mapapasa-Apoy. Para sa kanila, sila ay magdaranas ng maraming buntong-hininga at pagtaghoy (paghinga na palabas at paghinga na papasok [ang kanilang buntong-hininga at paghagulgol na wari bang katulad ng pag-iingay ng asno]) -

خَٰلِدِينَ فِيهَا مَا دَامَتِ ٱلسَّمَٰوَٰتُ وَٱلْأَرْضُ إِلَّا مَا شَآءَ رَبُّكَ ۚ إِنَّ رَبَّكَ فَعَّالٌ لِّمَا يُرِيدُ ﴿١٠٧﴾

107. Sila ay mananahan dito (sa buong panahon) habang ang mga kalangitan at kalupaan ay nananatili, malibang naisin ng iyong Panginoon. Katotohanan, ang inyong Panginoon ang tagagawa ng Kanyang maibigan.

۞ وَأَمَّا ٱلَّذِينَ سُعِدُوا۟ فَفِى ٱلْجَنَّةِ خَٰلِدِينَ فِيهَا مَا دَامَتِ ٱلسَّمَٰوَٰتُ وَٱلْأَرْضُ إِلَّا مَا شَآءَ رَبُّكَ عَطَآءً غَيْرَ مَجْذُوذٍ ﴿١٠٨﴾

108. At sa mga pinagpala, sila ay nasa loob ng Paraiso, at (sila) ay mananahan dito (sa buong panahon) habang ang mga kalangitan at kalupaan ay nananatili, malibang naisin ng iyong Panginoon. Isang gantimpala na walang hanggan.

فَلَا تَكُ فِى مِرْيَةٍ مِّمَّا يَعْبُدُ هَٰٓؤُلَآءِ ۚ مَا يَعْبُدُونَ إِلَّا كَمَا يَعْبُدُ ءَابَآؤُهُم مِّن قَبْلُ ۚ وَإِنَّا لَمُوَفُّوهُمْ نَصِيبَهُمْ غَيْرَ مَنقُوصٍ ﴿١٠٩﴾

109. Kaya't huwag kang mag-alinlangan (O Muhammad) sa mga bagay na sinasamba ng mga mapagsamba sa diyus-diyosan (mga pagano). Wala silang sinasamba maliban sa mga sinamba ng kanilang mga ninuno noon pang una. At katotohanan, ganap Naming babayaran (gagantihan) sa kanila ang kanilang bahagi nang walang bawas.

وَلَقَدْ ءَاتَيْنَا مُوسَى ٱلْكِتَٰبَ فَٱخْتُلِفَ فِيهِ ۚ

110. Katotohanang ibinigay Namin kay Moises

وَلَوْلَا كَلِمَةٌ سَبَقَتْ مِن رَّبِّكَ لَقُضِيَ بَيْنَهُمْ ۚ وَإِنَّهُمْ لَفِي شَكٍّ مِّنْهُ مُرِيبٍ ﴿١١٠﴾

ang Aklat, datapuwa't ang pagkakahidwa (mga pagtatalu-talo tungkol dito) ay nangyari, at kung hindi (lamang) sa Salita na winika (Tadhanang itinalaga) noon pa mula sa iyong Panginoon, ang Hatol sana ay napagpasyahan na sa pagitan nila, at katotohanang sila ay nag-aalinlangan tungkol dito (sa Qur'an).

وَإِنَّ كُلًّا لَّمَّا لَيُوَفِّيَنَّهُمْ رَبُّكَ أَعْمَالَهُمْ ۚ إِنَّهُ بِمَا يَعْمَلُونَ خَبِيرٌ ﴿١١١﴾

111. At katotohanan, ang iyong Panginoon, sa bawat isa sa kanila, ay magbabayad nang ganap sa kanilang mga gawa. Katotohanang Siya ang Lubos na Nakakaalam ng lahat nilang ginagawa.

فَاسْتَقِمْ كَمَا أُمِرْتَ وَمَن تَابَ مَعَكَ وَلَا تَطْغَوْا ۚ إِنَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ بَصِيرٌ ﴿١١٢﴾

112. Kaya't manatili kang matimtiman (O Muhammad) sa Tuwid na Landas kung paano ka pinag-utusan, at ng iyong mga kasamahan na bumabaling (kay Allah) sa pagsisisi, at huwag mong labagin (ang mga pag-uutos ni Allah). Katotohanang Siya ang Ganap na Nakamamasid ng lahat ninyong ginagawa.

وَلَا تَرْكَنُوا إِلَى الَّذِينَ ظَلَمُوا فَتَمَسَّكُمُ النَّارُ وَمَا لَكُم مِّن دُونِ اللَّهِ مِنْ أَوْلِيَاءَ ثُمَّ لَا تُنصَرُونَ ﴿١١٣﴾

113. At huwag kayong kumiling tungo sa mga tao na gumagawa ng kamalian (mapang-api), sapagka't baka ang Apoy ay dumila sa inyo, at wala kayong magiging Tagapangalaga maliban pa kay Allah, at pagkatapos, kayo ay hindi mabibigyan ng tulong.

وَأَقِمِ الصَّلَاةَ طَرَفَيِ النَّهَارِ وَزُلَفًا مِّنَ اللَّيْلِ ۚ إِنَّ الْحَسَنَاتِ يُذْهِبْنَ السَّيِّئَاتِ ۚ ذَٰلِكَ ذِكْرَىٰ لِلذَّاكِرِينَ ﴿١١٤﴾

114. At ikaw ay mag-alay ng *Salah* (takdang pagdarasal) nang ganap, sa dalawang dulo ng maghapon at sa ilang oras ng gabi (alalaong baga, ang limang takdang pagdarasal sa maghapon). Katotohanan, ang mababuting gawa ay nakapapalis ng masasamang gawa (alalaong baga, ang mga maliliit na kasalanan). Ito ay paala-ala (isang tagubilin) sa mga may pagmumuni-muni (na tumatanggap ng payo).

وَاصْبِرْ فَإِنَّ اللَّهَ لَا يُضِيعُ أَجْرَ الْمُحْسِنِينَ ﴿١١٥﴾

115. At maging matiyaga, katotohanang si Allah ay hindi magpapawalang-saysay sa gantimpala ng mga mapaggawa ng kabutihan.

فَلَوْلَا كَانَ مِنَ الْقُرُونِ مِن قَبْلِكُمْ أُولُو بَقِيَّةٍ يَنْهَوْنَ عَنِ الْفَسَادِ فِي الْأَرْضِ إِلَّا قَلِيلًا مِّمَّنْ أَنجَيْنَا مِنْهُمْ ۗ وَاتَّبَعَ الَّذِينَ ظَلَمُوا مَا أُتْرِفُوا فِيهِ وَكَانُوا مُجْرِمِينَ ﴿١١٦﴾

116. Kung mayroon lamang sa karamihan ng nakaraang sali't saling lahi na nauna sa inyo na matutuwid na mga tao na nagbabawal sa kanila sa paggawa ng mga kabuktutan (alalaong baga, ang pagsamba sa mga diyus-diyosan, lahat ng uri ng krimen at kasalanan) dito sa kalupaan,

(nguni't wala), maliban lamang sa iilan sa kanila na iniligtas Namin (sa kapinsalaan). Sila na nagsigawa ng kamalian ay tumugis sa kasayahan ng mabubuting bagay (sa makamundong) buhay na ito at sila ay naging *Mujrimun* (mga buhong, tampalasan, walang pananalig kay Allah, mapagsamba sa mga diyus-diyosan).

وَمَا كَانَ رَبُّكَ لِيُهْلِكَ ٱلْقُرَىٰ بِظُلْمٍ وَأَهْلُهَا مُصْلِحُونَ ﴿١١٧﴾

117. At ang iyong Panginoon ay hindi magwawasak sa mga bayan nang walang katarungan, habang ang mga taong (naninirahan) dito ay matutuwid.

وَلَوْ شَآءَ رَبُّكَ لَجَعَلَ ٱلنَّاسَ أُمَّةً وَٰحِدَةً وَلَا يَزَالُونَ مُخْتَلِفِينَ ﴿١١٨﴾

118. At kung ninais lamang ng iyong Panginoon, katotohanang magagawa Niyang likhain ang sangkatauhan sa iisang *Ummah* (isang bansa o pamayanan na sumusunod lamang sa isang relihiyon, alalaong baga, ang Islam), datapuwa't sila ay magpapatuloy sa kanilang di pinagkakasunduan;

إِلَّا مَن رَّحِمَ رَبُّكَ وَلِذَٰلِكَ خَلَقَهُمْ وَتَمَّتْ كَلِمَةُ رَبِّكَ لَأَمْلَأَنَّ جَهَنَّمَ مِنَ ٱلْجِنَّةِ وَٱلنَّاسِ أَجْمَعِينَ ﴿١١٩﴾

119. Maliban sa kanya na ginawaran ng iyong Panginoon ng Kanyang Habag (ang tagasunod ng Katotohanan at ang pagsampalataya sa Kaisahan ni Allah), at sa dahilang ito ay Kanyang nilikha sila. At ang Salita (itinakdang Tadhana) ng iyong Panginoon ay tapos na: "Katotohanan, Aking pupunuin ang Impiyerno ng mga *Jinn* at mga tao nang sama-sama."

وَكُلًّا نَّقُصُّ عَلَيْكَ مِنْ أَنۢبَآءِ ٱلرُّسُلِ مَا نُثَبِّتُ بِهِۦ فُؤَادَكَ وَجَآءَكَ فِى هَٰذِهِ ٱلْحَقُّ وَمَوْعِظَةٌ وَذِكْرَىٰ لِلْمُؤْمِنِينَ ﴿١٢٠﴾

120. At ang lahat ng mga isinalaysay Namin sa iyo (O Muhammad) na mga balita (kasaysayan) ng mga Sugo ay katumpakan upang magawa Namin na maging malakas at matatag ang iyong puso. At dito (sa kabanata ng Qur'an) ay dumatal sa iyo ang Katotohanan, gayundin ang isang Pagpapayo at Paala-ala sa mga sumasampalataya.

وَقُل لِّلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ ٱعْمَلُوا۟ عَلَىٰ مَكَانَتِكُمْ إِنَّا عَٰمِلُونَ ﴿١٢١﴾

121. At ipagbadya sa mga hindi sumasampalataya: "Magsigawa kayo ng ayon sa inyong kakayahan at paraan, Kami (rin) ay gumagawa (ng ayon sa Aming paraan).

وَٱنتَظِرُوٓا۟ إِنَّا مُنتَظِرُونَ ﴿١٢٢﴾

122. At kayo ay maghintay! Kami (rin) ay naghihintay."

وَلِلَّهِ غَيْبُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَإِلَيْهِ يُرْجَعُ ٱلْأَمْرُ كُلُّهُۥ فَٱعْبُدْهُ وَتَوَكَّلْ عَلَيْهِ وَمَا

123. At kay Allah ang pag-aangkin ng nakalingid sa mga kalangitan at kalupaan at sa Kanya ang pagpapasya sa lahat ng mga bagay.

Kaya't (O Muhammad), iyong sambahin Siya at ibigay mo ang iyong pagtitiwala sa Kanya. At ang iyong Panginoon ang nakatatalos ng anumang iyong ginagawa.

رَبُّكَ بِغَٰفِلٍ عَمَّا تَعْمَلُونَ ﴿١٢٣﴾



Surah 12

Surat Yusuf
(Propeta Hosep)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

الٓر ۚ تِلْكَ ءَايَٰتُ ٱلْكِتَٰبِ ٱلْمُبِينِ ﴿١﴾

1. Alif, Lam, Ra. (Mga titik A, La, Ra; ito ay mga titik sa wikang Arabik na tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan). Ito ang mga Talata ng Maliwanag na Aklat (ang Qur'an, na nagbibigay ng kaliwanagan sa mga legal at ilegal na bagay, mga batas, isang patnubay at biyaya).

إِنَّآ أَنزَلْنَٰهُ قُرْءَٰنًا عَرَبِيًّا لَّعَلَّكُمْ تَعْقِلُونَ ﴿٢﴾

2. Katotohanang ipinanaog Namin ito sa (wikang) Arabik na Qur'an (alalaong baga, nababasa sa wikang Arabik) upang ito ay inyong maunawaan.

نَحْنُ نَقُصُّ عَلَيْكَ أَحْسَنَ ٱلْقَصَصِ بِمَآ أَوْحَيْنَآ إِلَيْكَ هَٰذَا ٱلْقُرْءَانَ وَإِن كُنتَ مِن قَبْلِهِۦ لَمِنَ ٱلْغَٰفِلِينَ ﴿٣﴾

3. Isinalaysay Namin sa iyo (O Muhammad) ang pinakamagagandang kasaysayan sa pamamagitan ng Aming mga Pahayag sa Qur'an. At bago pa ang pahayag na ito, ikaw ay kabilang sa kanila na walang kaalaman hinggil dito (ang Qur'an).

إِذْ قَالَ يُوسُفُ لِأَبِيهِ يَٰٓأَبَتِ إِنِّى رَأَيْتُ أَحَدَ عَشَرَ كَوْكَبًا وَٱلشَّمْسَ وَٱلْقَمَرَ رَأَيْتُهُمْ لِى سَٰجِدِينَ ﴿٤﴾

4. (Alalahanin) nang sabihin ni Yusuf (Hosep) sa kanyang ama: "O aking ama! Katotohanang aking namasdan (sa panaginip) ang labing-isang bituin at ang araw at ang buwan, nakita kong nagpapatirapa sila sa akin."

قَالَ يَٰبُنَىَّ لَا تَقْصُصْ رُءْيَاكَ عَلَىٰٓ إِخْوَتِكَ فَيَكِيدُوا۟ لَكَ كَيْدًا ۖ إِنَّ ٱلشَّيْطَٰنَ لِلْإِنسَٰنِ عَدُوٌّ مُّبِينٌ ﴿٥﴾

5. Siya (ang ama) ay nagsabi: "O aking anak! Huwag mong ipaalam ang iyong napanaginipan sa iyong mga kapatid na lalaki, dahil baka sila ay magbalak ng pakana laban sa iyo. Katotohanang si Satanas ay isang lantad na

kaaway ng tao!

6. Kaya't ang iyong Panginoon ang hihirang sa iyo at magtuturo sa iyo ng kahulugan ng iyong mga panaginip (at ng iba pang bagay) at gaganapin Niya ang Kanyang paglingap sa iyo at sa mga angkan ni Hakob kung paano Niya ginanap ito sa iyong mga ama (sali't saling lahi), kay Abraham at Isaac noon pang panahong sinauna! Katotohanan, ang iyong Panginoon ay Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan."

وَكَذَٰلِكَ يَجْتَبِيكَ رَبُّكَ وَيُعَلِّمُكَ مِن تَأْوِيلِ
ٱلْأَحَادِيثِ وَيُتِمُّ نِعْمَتَهُۥ عَلَيْكَ وَعَلَىٰٓ ءَالِ
يَعْقُوبَ كَمَآ أَتَمَّهَا عَلَىٰٓ أَبَوَيْكَ مِن قَبْلُ
إِبْرَٰهِيمَ وَإِسْحَٰقَ ۚ إِنَّ رَبَّكَ عَلِيمٌ حَكِيمٌ ﴿٦﴾

7. Katotohanan, kay Yusuf (Hosep) at sa kanyang mga kapatid ay may *Ayat* (mga tanda, aral, katibayan, kapahayagan) sa mga naghahanap ng katotohanan.

۞ لَّقَدْ كَانَ فِى يُوسُفَ وَإِخْوَتِهِۦٓ ءَايَٰتٌ
لِّلسَّآئِلِينَ ﴿٧﴾

8. Nang kanilang sabihin: "Katotohanang si Yusuf (Hosep) at ang kanyang kapatid (si Benjamin) ay higit na minamahal ng aming ama kaysa sa amin, subalit kami ay malakas na pangkat. Katotohanang ang aming ama ay nasa lantad na kamalian.

إِذْ قَالُوا۟ لَيُوسُفُ وَأَخُوهُ أَحَبُّ إِلَىٰٓ أَبِينَا مِنَّا
وَنَحْنُ عُصْبَةٌ ۗ إِنَّ أَبَانَا لَفِى ضَلَٰلٍ مُّبِينٍ ﴿٨﴾

9. Inyong patayin si Yusuf (Hosep) o itapon siya sa ibang lupain, upang ang pagtangkilik ng inyong ama ay kanyang ipagkaloob lamang sa inyo, (at may sapat na panahon) Para sa inyo na maging matuwid pagkaraan nito."

ٱقْتُلُوا۟ يُوسُفَ أَوِ ٱطْرَحُوهُ أَرْضًا يَخْلُ لَكُمْ
وَجْهُ أَبِيكُمْ وَتَكُونُوا۟ مِنۢ بَعْدِهِۦ قَوْمًا
صَٰلِحِينَ ﴿٩﴾

10. Ang isa sa kanila ay nagsabi: "Huwag ninyong patayin si Yusuf (Hosep), nguni't kung inyong gagawin, siya ay ihagis ninyo sa ilalim ng balon, (upang) siya ay madampot ng ilang nagdaraang karaban ng mga manlalakbay."

قَالَ قَآئِلٌ مِّنْهُمْ لَا تَقْتُلُوا۟ يُوسُفَ وَأَلْقُوهُ فِى
غَيَٰبَتِ ٱلْجُبِّ يَلْتَقِطْهُ بَعْضُ ٱلسَّيَّارَةِ إِن
كُنتُمْ فَٰعِلِينَ ﴿١٠﴾

11. Sila ay nagsabi: "O aming ama! Bakit hindi ninyo ipagkatiwala sa amin si Yusuf (Hosep), katiyakang kami sa kanya ay matapat na mga tagapayo.

قَالُوا۟ يَٰٓأَبَانَا مَا لَكَ لَا تَأْمَنَّا عَلَىٰ يُوسُفَ وَإِنَّا
لَهُۥ لَنَٰصِحُونَ ﴿١١﴾

12. Siya ay pasamahin ninyo sa amin bukas, upang masiyahan siya at maglaro, at katotohanang siya ay pangangalagaan naming mabuti."

أَرْسِلْهُ مَعَنَا غَدًا يَرْتَعْ وَيَلْعَبْ وَإِنَّا لَهُۥ
لَحَٰفِظُونَ ﴿١٢﴾

13. Siya (Hakob) ay nagsabi: "Katotohanang ako ay nalulungkot na siya ay inyong isasama. At nangangamba ako na baka siya silain ng asong ligaw (lobo), habang kayo ay

قَالَ إِنِّى لَيَحْزُنُنِىٓ أَن تَذْهَبُوا۟ بِهِۦ وَأَخَافُ
أَن يَأْكُلَهُ ٱلذِّئْبُ وَأَنتُمْ عَنْهُ غَٰفِلُونَ
﴿١٣﴾

nagpapabaya sa kanya."

قَالُوا۟ لَئِنْ أَكَلَهُ ٱلذِّئْبُ وَنَحْنُ عُصْبَةٌ إِنَّآ إِذًا لَّخَٰسِرُونَ ﴿١٤﴾

14. Sila ay sumagot: "Kung ang asong ligaw ay sisila sa kanya, gayong kami ay (malakas) na kaanak (niya, kung gayon), katiyakang kami ay mga talunan."

فَلَمَّا ذَهَبُوا۟ بِهِۦ وَأَجْمَعُوٓا۟ أَن يَجْعَلُوهُ فِى غَيَٰبَتِ ٱلْجُبِّ ۚ وَأَوْحَيْنَآ إِلَيْهِ لَتُنَبِّئَنَّهُم بِأَمْرِهِمْ هَٰذَا وَهُمْ لَا يَشْعُرُونَ ﴿١٥﴾

15. Kaya't nang siya ay kanilang dalhin, sila ay nagkaisa na itapon siya sa ilalim ng balon, at siya ay binigyan Namin ng inspirasyon: "Katotohanang (darating ang araw) na ipapaalam mo sa kanila ang pangyayaring ito, (sa panahong) ikaw ay hindi nila napag-aakala (nakikilala)."

وَجَآءُوٓ أَبَاهُمْ عِشَآءً يَبْكُونَ ﴿١٦﴾

16. At sila ay umuwi sa kanilang ama nang maggagabi na, na tumatangis.

قَالُوا۟ يَٰٓأَبَانَآ إِنَّا ذَهَبْنَا نَسْتَبِقُ وَتَرَكْنَا يُوسُفَ عِندَ مَتَٰعِنَا فَأَكَلَهُ ٱلذِّئْبُ ۖ وَمَآ أَنتَ بِمُؤْمِنٍ لَّنَا وَلَوْ كُنَّا صَٰدِقِينَ ﴿١٧﴾

17. Sila ay nagsabi: "O aming ama! Kami ay nagpapaligsahan sa takbuhan at iniwan namin si Yusuf (Hosep) na magbantay ng aming mga gamit nguni't sinila siya ng asong ligaw, subalit hindi kayo maniniwala sa amin kahit na kami ay nagsasabi ng katotohanan."

وَجَآءُو عَلَىٰ قَمِيصِهِۦ بِدَمٍ كَذِبٍ ۚ قَالَ بَلْ سَوَّلَتْ لَكُمْ أَنفُسُكُمْ أَمْرًا ۖ فَصَبْرٌ جَمِيلٌ ۖ وَٱللَّهُ ٱلْمُسْتَعَانُ عَلَىٰ مَا تَصِفُونَ ﴿١٨﴾

18. At ipinakita nila ang kanyang damit na nababahiran ng huwad na dugo. Siya (Hakob) ay nagsabi: "Datapuwa't ang inyong masasamang kaluluwa ang tumukso sa inyo na gumawa ng gayong bagay (alalaong baga, kayo sa inyong sarili ang naggawa-gawa [kumatha] ng ganitong dahilan), kaya't (para sa akin) ang pagbabata ay mabuti (at higit na naaangkop)! At si Allah lamang ang maaari (kong) mahingan ng tulong sa bagay na inyong pinangangatwiranan."

وَجَآءَتْ سَيَّارَةٌ فَأَرْسَلُوا۟ وَارِدَهُمْ فَأَدْلَىٰ دَلْوَهُۥ ۖ قَالَ يَٰبُشْرَىٰ هَٰذَا غُلَٰمٌ ۚ وَأَسَرُّوهُ بِضَٰعَةً ۚ وَٱللَّهُ عَلِيمٌۢ بِمَا يَعْمَلُونَ ﴿١٩﴾

19. At may isang dumating na karaban ng mga manlalakbay; at inilabas nila ang kanilang lalagyan ng tubig at inilawit ito sa balon. Siya (ang isa sa kanila) ay nagsabi: "Anong magandang balita! Narito ang isang batang lalaki." Kaya't kanilang itinago siya bilang paninda (isang alipin). At si Alllah ang Lubos na Nakababatid ng kanilang ginagawa.

وَشَرَوْهُ بِثَمَنٍۭ بَخْسٍ دَرَٰهِمَ مَعْدُودَةٍ ۚ وَكَانُوا۟ فِيهِ مِنَ ٱلزَّٰهِدِينَ ﴿٢٠﴾

20. At siya ay kanilang ipinagbili sa murang halaga, - sa ilang dirham lamang (alalaong baga, sa ilang sensilyong pilak). At sila ay nagturing sa kanya na walang halaga.

وَقَالَ ٱلَّذِى ٱشْتَرَىٰهُ مِن مِّصْرَ لِٱمْرَأَتِهِۦٓ أَكْرِمِى مَثْوَىٰهُ عَسَىٰٓ أَن يَنفَعَنَآ أَوْ نَتَّخِذَهُۥ وَلَدًا ۚ وَكَذَٰلِكَ مَكَّنَّا لِيُوسُفَ فِى ٱلْأَرْضِ وَلِنُعَلِّمَهُۥ مِن تَأْوِيلِ ٱلْأَحَادِيثِ ۚ وَٱللَّهُ غَالِبٌ عَلَىٰٓ أَمْرِهِۦ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَ ٱلنَّاسِ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٢١﴾

21. At siya (ang tao), na mula sa Ehipto, na bumili sa kanya ay nagsabi sa kanyang asawa: "Iyong gawin na ang kanyang pananatili (rito) ay maging maginhawa, maaaring magbigay siya ng kapakinabangan sa atin o siya ay aampunin natin bilang anak." Kaya't sa ganito Namin pinamalagi siya sa kalupaan, upang maituro Namin sa kanya ang kahulugan ng mga pangyayari. At ang kalooban ni Allah ay lagi nang nangyayari (nasusunod), datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay hindi nakakaalam.

وَلَمَّا بَلَغَ أَشُدَّهُۥٓ ءَاتَيْنَٰهُ حُكْمًا وَعِلْمًا ۚ وَكَذَٰلِكَ نَجْزِى ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿٢٢﴾

22. At nang siya (Hosep) ay sumapit na sa hustong gulang (ganap nang binata), ay iginawad Namin sa kanya ang karunungan at kaalaman (ang pagka-Propeta), sa gayon Namin ginagantimpalaan ang mga gumagawa ng kabutihan.

وَرَٰوَدَتْهُ ٱلَّتِى هُوَ فِى بَيْتِهَا عَن نَّفْسِهِۦ وَغَلَّقَتِ ٱلْأَبْوَٰبَ وَقَالَتْ هَيْتَ لَكَ ۚ قَالَ مَعَاذَ ٱللَّهِ ۖ إِنَّهُۥ رَبِّىٓ أَحْسَنَ مَثْوَاىَ ۖ إِنَّهُۥ لَا يُفْلِحُ ٱلظَّٰلِمُونَ ﴿٢٣﴾

23. At siya (isang babae), na sa kanyang bahay siya ay namamalagi, ay nagbalak na siya ay akitin (upang gumawa ng masamang bagay), inilapat niya ang mga pintuan at nagsabi: "Halika, angkinin mo ako." Siya ay nagsabi: "Ako ay nagpapakanlong (sa tukso) kay Allah! Tunay nga, ang iyong asawa ay aking amo! Pinahintulutan niya ang aking pananatili rito! (Kaya't hindi ko siya kailanman maaaring dayain). Katotohanan, ang *Zalimun* (mga buhong, makasalanan, mapaggawa ng kamalian) ay hindi magtatagumpay."

وَلَقَدْ هَمَّتْ بِهِۦ ۖ وَهَمَّ بِهَا لَوْلَآ أَن رَّءَا بُرْهَٰنَ رَبِّهِۦ ۚ كَذَٰلِكَ لِنَصْرِفَ عَنْهُ ٱلسُّوٓءَ وَٱلْفَحْشَآءَ ۚ إِنَّهُۥ مِنْ عِبَادِنَا ٱلْمُخْلَصِينَ ﴿٢٤﴾

24. At tunay ngang siya ay pinagnanasaan niya (babae), at maaaring marahuyo na siya sa kanyang (babae) pagnanasa kung hindi lamang niya nakita ang katibayan (palatandaan) ng kanyang Panginoon (Allah). At upang sa gayong (paraan) ay Aming mailayo siya sa kasamaan at imoralidad (bawal na pakikipagtalik). Katotohanang siya ay isa sa Aming matatapat na alipin (hinirang na Sugo).

وَٱسْتَبَقَا ٱلْبَابَ وَقَدَّتْ قَمِيصَهُۥ مِن دُبُرٍ وَأَلْفَيَا سَيِّدَهَا لَدَا ٱلْبَابِ ۚ قَالَتْ مَا جَزَآءُ مَنْ أَرَادَ بِأَهْلِكَ سُوٓءًا إِلَّآ أَن يُسْجَنَ أَوْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٢٥﴾

25. Kaya't kapwa sila tumakbo patungo sa pintuan, at pinunit niya ang kanyang (Hosep) damit sa likuran. Kapwa nila nakita ang kanyang amo (alalaong baga, ang asawa ng babae) sa pintuan. Siya (babae) ay nagsabi: "Ano ang kaparusahan sa kanya na nagtangka nang masama

sa iyong asawa, maliban na siya ay ikulong o lapatan nang masakit na kaparusahan?"

قَالَ هِيَ رَٰوَدَتْنِي عَن نَّفْسِي ۚ وَشَهِدَ شَاهِدٌ مِّنْ أَهْلِهَآ إِن كَانَ قَمِيصُهُۥ قُدَّ مِن قُبُلٍ فَصَدَقَتْ وَهُوَ مِنَ ٱلْكَٰذِبِينَ ﴿٢٦﴾

26. Siya (Hosep) ay nangusap: "Siya ang nagtangkang akitin ako," - at isang saksi mula sa kanyang pamamahay (kasambahay) ang nagpatotoo (na nagsasabi): "Kung ang kanyang damit ay napunit sa harapan, kung gayon ang kanyang (babae) salaysay ay totoo at siya (Hosep) ay isang sinungaling!

وَإِن كَانَ قَمِيصُهُۥ قُدَّ مِن دُبُرٍ فَكَذَبَتْ وَهُوَ مِنَ ٱلصَّٰدِقِينَ ﴿٢٧﴾

27. Datapuwa't kung ang kanyang damit ay napunit sa likuran, kung gayon, siya (babae) ay nagsabi ng kasinungalingan at siya (Hosep) ay nagsasabi ng katotohanan!"

فَلَمَّا رَءَا قَمِيصَهُۥ قُدَّ مِن دُبُرٍ قَالَ إِنَّهُۥ مِن كَيْدِكُنَّ ۖ إِنَّ كَيْدَكُنَّ عَظِيمٌ ﴿٢٨﴾

28. Kaya't nang makita niya (asawang lalaki) na ang kanyang damit ay napunit sa likuran; (ang asawa) ay nagsabi (sa babae): "Tunay nga, ito ay iyong patibong (pakana), O ikaw na babae! Katotohanang malakas (mapusok) ang iyong patibong (pakana)!

يُوسُفُ أَعْرِضْ عَنْ هَٰذَا ۚ وَٱسْتَغْفِرِي لِذَنۢبِكِ ۖ إِنَّكِ كُنتِ مِنَ ٱلْخَاطِـِٔينَ ﴿٢٩﴾

29. O Yusuf (Hosep)! Lumayo ka rito! (O babae!) humingi ka ng kapatawaran sa iyong kasalanan. Katotohanang ikaw ay isa sa mga makasalanan."

۞ وَقَالَ نِسْوَةٌ فِى ٱلْمَدِينَةِ ٱمْرَأَتُ ٱلْعَزِيزِ تُرَٰوِدُ فَتَىٰهَا عَن نَّفْسِهِۦ ۖ قَدْ شَغَفَهَا حُبًّا ۖ إِنَّا لَنَرَىٰهَا فِى ضَلَٰلٍ مُّبِينٍ ﴿٣٠﴾

30. At ang mga kababaihan sa lungsod ay nagsabi: "Ang asawa ni Aziz ay nagnais na tuksuhin ang kanyang (aliping) binata, tunay ngang mapusok ang kanyang pagmamahal sa kanya; katotohanang siya ay nakikita namin sa lantad na kamalian."

فَلَمَّا سَمِعَتْ بِمَكْرِهِنَّ أَرْسَلَتْ إِلَيْهِنَّ وَأَعْتَدَتْ لَهُنَّ مُتَّكَـًٔا وَءَاتَتْ كُلَّ وَٰحِدَةٍ مِّنْهُنَّ سِكِّينًا وَقَالَتِ ٱخْرُجْ عَلَيْهِنَّ ۖ فَلَمَّا رَأَيْنَهُۥٓ أَكْبَرْنَهُۥ وَقَطَّعْنَ أَيْدِيَهُنَّ وَقُلْنَ حَٰشَ لِلَّهِ مَا هَٰذَا بَشَرًا إِنْ هَٰذَآ إِلَّا مَلَكٌ كَرِيمٌ ﴿٣١﴾

31. Kaya't nang marinig niya (babaeng nanukso) ang kanilang pagpaparatang ay kanyang inanyayahan sila (ang kababaihan) at (kanyang) ipinaghanda sila ng piging; binigyan niya ang bawat isa sa kanila ng kutsilyo (upang ipanghiwa sa pagkain), at tinawag niya si Yusuf (Hosep): "Lumantad ka sa harapan nila." Kaya't nang kanilang makita siya (Hosep), sila ay namangha sa kanyang kakisigan at sa kanilang (pagkamangha) ay nahiwa nila ang kanilang kamay (o daliri). Sila ay nagsabi: "Si Allah ay Lubos at Ganap (o Huwag nawang

pahintulutan ni Allah)!" Wala pa (ngang) ganitong lalaki! Ito ay wala ng iba pa maliban sa isang napakarikit (kagalang-galang) na anghel!"

قَالَتْ فَذَٰلِكُنَّ ٱلَّذِى لُمْتُنَّنِى فِيهِ ۖ وَلَقَدْ رَٰوَدتُّهُۥ عَن نَّفْسِهِۦ فَٱسْتَعْصَمَ ۖ وَلَئِن لَّمْ يَفْعَلْ مَآ ءَامُرُهُۥ لَيُسْجَنَنَّ وَلَيَكُونًا مِّنَ ٱلصَّٰغِرِينَ ﴿٣٢﴾

32. Siya (ang babaeng nanukso) ay nagsabi: "Siya ang binata na inyong isinisisi sa akin (dahil sa aking pag-ibig), at aking tinangka na siya ay akitin, datapuwa't tumanggi siya. At ngayon, kung siya ay tatanggi na sundin ang aking pag-uutos, walang pagsala na siya ay itatapon sa kulungan at mapapabilang sa mga mawawalan ng karangalan."

قَالَ رَبِّ ٱلسِّجْنُ أَحَبُّ إِلَىَّ مِمَّا يَدْعُونَنِىٓ إِلَيْهِ ۖ وَإِلَّا تَصْرِفْ عَنِّى كَيْدَهُنَّ أَصْبُ إِلَيْهِنَّ وَأَكُن مِّنَ ٱلْجَٰهِلِينَ ﴿٣٣﴾

33. Kanyang (Hosep) ipinagbadya: "O aking Panginoon! Ang kulungan ay higit kong mamatamisin kaysa sa bagay na ako ay kanilang inaanyayahan. Malibang Inyong hadlangan ang kanilang hangarin sa akin, ako ay mahihilig na marahuyo sa kanila at mapapabilang sa mga mangmang."

فَٱسْتَجَابَ لَهُۥ رَبُّهُۥ فَصَرَفَ عَنْهُ كَيْدَهُنَّ ۚ إِنَّهُۥ هُوَ ٱلسَّمِيعُ ٱلْعَلِيمُ ﴿٣٤﴾

34. Kaya't ang kanyang Panginoon ay duminig sa kanyang panalangin at inilihis Niya ang kanilang pakay sa kanya. Katotohanang Siya ang Lubos na Nakakarinig ng lahat ng bagay, ang Ganap na Maalam.

ثُمَّ بَدَا لَهُم مِّنۢ بَعْدِ مَا رَأَوُا۟ ٱلْءَايَٰتِ لَيَسْجُنُنَّهُۥ حَتَّىٰ حِينٍ ﴿٣٥﴾

35. Kaya't napagtanto nila, pagkaraang mamalas nila ang katibayan (ng kanyang kawalan ng muwang sa gayong kasalanan) na pansamantala siyang ibilanggo sa ngayon.

وَدَخَلَ مَعَهُ ٱلسِّجْنَ فَتَيَانِ ۖ قَالَ أَحَدُهُمَآ إِنِّىٓ أَرَىٰنِىٓ أَعْصِرُ خَمْرًا ۖ وَقَالَ ٱلْءَاخَرُ إِنِّىٓ أَرَىٰنِىٓ أَحْمِلُ فَوْقَ رَأْسِى خُبْزًا تَأْكُلُ ٱلطَّيْرُ مِنْهُ ۖ نَبِّئْنَا بِتَأْوِيلِهِۦٓ ۖ إِنَّا نَرَىٰكَ مِنَ ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿٣٦﴾

36. At doon ay may dalawang bilanggong binata na nakasama niya sa loob ng kulungan. Ang isa sa kanila ay nagsabi: "Tunay nga, namasdan ko ang aking sarili (sa panaginip) na nagpipiga ng alak." At ang isa naman ay nagsabi: "Tunay nga, namasdan ko ang aking sarili (sa panaginip) na nagsusunong ng tinapay sa aking ulo at ang mga ibon ay nagsisikain dito." (Silang dalawa ay nagsabi): "Ipaalam mo sa amin ang kahulugan nito. Katotohanang itinuturing namin na ikaw ay isa sa *Muhsinun* (mga mapaggawa ng kabutihan at katuwiran)."

قَالَ لَا يَأْتِيكُمَا طَعَامٌ تُرْزَقَانِهِۦٓ إِلَّا نَبَّأْتُكُمَا بِتَأْوِيلِهِۦ قَبْلَ أَن يَأْتِيَكُمَا ۚ ذَٰلِكُمَا مِمَّا عَلَّمَنِى

37. Siya (Hosep) ay nagsabi: "Bago ang anumang pagkain ay dumating sa inyo (sa inaasahang paraan), upang pakainin ang

sinuman sa inyo, katotohanang ipagtatapat ko sa inyo ang totoo at ang kahulugan nito. Ito nga ang itinuro sa akin ng aking Panginoon. Tunay na aking tinalikdan ang pananampalataya ng mga tao na hindi sumasampalataya kay Allah at walang pananalig sa Kabilang Buhay (alalaong baga, yaong *Kan'aniyyun* ng Ehipto na mapagsamba sa mga diyus-diyosan tulad ng araw, huwad na mga diyos, atbp.).

رَبِّيٓ إِنِّي تَرَكْتُ مِلَّةَ قَوْمٍ لَّا يُؤْمِنُونَ بِٱللَّهِ وَهُم بِٱلْءَاخِرَةِ هُمْ كَٰفِرُونَ ﴿٣٧﴾

38. At aking sinunod ang relihiyon ng aking mga ninuno, Abraham, Isaac at Hakob, at kami ay hindi kailanman nag-akibat ng anupamang katambal kay Allah. Ito ay mula sa Biyaya ni Allah sa amin at sa sangkatauhan, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay walang pagpapasalamat (alalaong baga, sila ay walang paniniwala kay Allah o hindi sumasamba sa Kanya)."

وَٱتَّبَعْتُ مِلَّةَ ءَابَآءِىٓ إِبْرَٰهِيمَ وَإِسْحَٰقَ وَيَعْقُوبَ ۚ مَا كَانَ لَنَآ أَن نُّشْرِكَ بِٱللَّهِ مِن شَىْءٍ ۚ ذَٰلِكَ مِن فَضْلِ ٱللَّهِ عَلَيْنَا وَعَلَى ٱلنَّاسِ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَ ٱلنَّاسِ لَا يَشْكُرُونَ ﴿٣٨﴾

39. "O dalawa kong kasama sa kulungan! Ang marami kaya at iba't ibang panginoon (diyos) ay higit na mabuti, o si Allah, ang Tanging Isa, ang Hindi Mapapangibabawan?

يَٰصَٰحِبَىِ ٱلسِّجْنِ ءَأَرْبَابٌ مُّتَفَرِّقُونَ خَيْرٌ أَمِ ٱللَّهُ ٱلْوَٰحِدُ ٱلْقَهَّارُ ﴿٣٩﴾

40. Ang anumang sinasamba ninyo maliban sa Kanya ay wala ng iba kundi mga pangalan lamang na inyong kinatha, kayo at ang inyong mga ninuno, na rito si Allah ay hindi naggawad ng kapahintulutan (katibayan). Ang pagpapasiya (ng kahatulan) ay kay Allah lamang at wala ng iba. Kanyang pinag-utusan kayo na sambahin lamang Siya (sa Kanyang pagiging Tanging Isa), ito ang tunay na matuwid na relihiyon, nguni't ang karamihan sa mga tao ay hindi nakakaalam.

مَا تَعْبُدُونَ مِن دُونِهِۦٓ إِلَّآ أَسْمَآءً سَمَّيْتُمُوهَآ أَنتُمْ وَءَابَآؤُكُم مَّآ أَنزَلَ ٱللَّهُ بِهَا مِن سُلْطَٰنٍ ۚ إِنِ ٱلْحُكْمُ إِلَّا لِلَّهِ ۚ أَمَرَ أَلَّا تَعْبُدُوٓا۟ إِلَّآ إِيَّاهُ ۚ ذَٰلِكَ ٱلدِّينُ ٱلْقَيِّمُ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَ ٱلنَّاسِ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٤٠﴾

41. O dalawa kong kasama sa kulungan! Sa isa sa inyo, siya (bilang isang tagapaglingkod) ay magbubuhos ng alak sa kanyang panginoon (hari o amo) upang uminom, at sa isa naman, siya ay ibibitin sa krus at ang mga ibon ay magsisituka sa kanyang ulo. Ang bagay na kanilang inusisa (tinanong) ay naitakda na."

يَٰصَٰحِبَىِ ٱلسِّجْنِ أَمَّآ أَحَدُكُمَا فَيَسْقِى رَبَّهُۥ خَمْرًا ۖ وَأَمَّا ٱلْءَاخَرُ فَيُصْلَبُ فَتَأْكُلُ ٱلطَّيْرُ مِن رَّأْسِهِۦ ۚ قُضِىَ ٱلْأَمْرُ ٱلَّذِى فِيهِ تَسْتَفْتِيَانِ ﴿٤١﴾

42. At kanyang sinabi sa isa na batid niya na maliligtas: "Banggitin mo ako sa iyong panginoon (alalaong baga, sa iyong hari, upang

وَقَالَ لِلَّذِى ظَنَّ أَنَّهُۥ نَاجٍ مِّنْهُمَا ٱذْكُرْنِى عِندَ رَبِّكَ فَأَنسَىٰهُ ٱلشَّيْطَٰنُ

ako ay makalabas ng bilangguan)." Datapuwa't ginawa ni Satanas na kanyang malimutan na banggitin ito sa kanyang panginoon [o si Satanas ay nagbuyo kay Hosep upang kalimutan ang pag-aala-ala niya sa kanyang Panginoon, si Allah, upang humingi ng Kanyang Tulong, kaysa sa iba pa]. Kaya't si Yusuf (Hosep) ay nagtagal sa kulungan ng ilan pang taon.

ذِكْرَ رَبِّهِۦ فَلَبِثَ فِى ٱلسِّجْنِ بِضْعَ سِنِينَ ﴿٤٢﴾

43. At ang hari (ng Ehipto) ay nagsabi: "Katotohanang namalas ko (sa panaginip) ang pitong matabang baka, na sinisila ng pitong payat (na baka), - at ang pitong luntiang puso ng mais, at pitong iba pang (mais) na lanta. O kayong mga taong tanyag! Ipaliwanag ninyo sa akin ang aking panaginip, kung kayo nga ang makapagpapaliwanag ng aking mga panaginip."

وَقَالَ ٱلْمَلِكُ إِنِّىٓ أَرَىٰ سَبْعَ بَقَرَٰتٍ سِمَانٍ يَأْكُلُهُنَّ سَبْعٌ عِجَافٌ وَسَبْعَ سُنۢبُلَٰتٍ خُضْرٍ وَأُخَرَ يَابِسَٰتٍ ۖ يَٰٓأَيُّهَا ٱلْمَلَأُ أَفْتُونِى فِى رُءْيَىَ إِن كُنتُمْ لِلرُّءْيَا تَعْبُرُونَ ﴿٤٣﴾

44. Sila ay nagsabi: "Mga huwad na panaginip na pinaghalu-halo; at kami ay hindi bihasa sa pagpapaliwanag ng mga panaginip."

قَالُوٓا۟ أَضْغَٰثُ أَحْلَٰمٍ ۖ وَمَا نَحْنُ بِتَأْوِيلِ ٱلْأَحْلَٰمِ بِعَٰلِمِينَ ﴿٤٤﴾

45. At ang isang lalaki na pinalabas sa kulungan (ang isa sa dalawang tao na nakakulong), na sa katagalan, ngayon ay nakaala-ala (kay Hosep) at nagsabi: "Sasabihin ko sa inyo ang kahulugan, kaya't ipadala ninyo ako (kay Hosep)."

وَقَالَ ٱلَّذِى نَجَا مِنْهُمَا وَٱدَّكَرَ بَعْدَ أُمَّةٍ أَنَا۠ أُنَبِّئُكُم بِتَأْوِيلِهِۦ فَأَرْسِلُونِ ﴿٤٥﴾

46. Siya ay nagsabi: "O Yusuf (Hosep), ang taong makatotohanan! Ipaliwanag mo sa amin ang tungkol sa pitong matabang baka na sinisila ng pitong payat (na baka), at (ang tungkol) sa pitong luntiang puso ng mais, at (ang tungkol) sa pitong iba pang (mais) na lanta, upang ako ay makabalik sa mga tao at kanilang mapag-alaman (ang tungkol dito)."

يُوسُفُ أَيُّهَا ٱلصِّدِّيقُ أَفْتِنَا فِى سَبْعِ بَقَرَٰتٍ سِمَانٍ يَأْكُلُهُنَّ سَبْعٌ عِجَافٌ وَسَبْعِ سُنۢبُلَٰتٍ خُضْرٍ وَأُخَرَ يَابِسَٰتٍ لَّعَلِّىٓ أَرْجِعُ إِلَى ٱلنَّاسِ لَعَلَّهُمْ يَعْلَمُونَ ﴿٤٦﴾

47. Si (Hosep) ay nagsabi: "Sa sunud-sunod na pitong taon, kayo ay magtatanim tulad din ng dati, at ang ani na inyong aanihin ay iiwanan ninyo sa mga busal, (lahat) - maliban lamang sa kakaunting ilan na inyong kakainin.

قَالَ تَزْرَعُونَ سَبْعَ سِنِينَ دَأَبًا فَمَا حَصَدتُّمْ فَذَرُوهُ فِى سُنۢبُلِهِۦٓ إِلَّا قَلِيلًا مِّمَّا تَأْكُلُونَ ﴿٤٧﴾

48. At pagkaraan nito ay darating sa inyo ang pitong mahihirap (na taon), na lalamon sa anumang inyong inimbak (na nakalaan) sa hinaharap para sa kanila, (lahat) - maliban sa

ثُمَّ يَأْتِى مِنۢ بَعْدِ ذَٰلِكَ سَبْعٌ شِدَادٌ يَأْكُلْنَ مَا قَدَّمْتُمْ لَهُنَّ إِلَّا قَلِيلًا مِّمَّا تُحْصِنُونَ ﴿٤٨﴾

kakaunti na (tangi) ninyong inimbak.

ثُمَّ يَأْتِي مِنۢ بَعْدِ ذَٰلِكَ عَامٌ فِيهِ يُغَاثُ ٱلنَّاسُ وَفِيهِ يَعْصِرُونَ ﴿٤٩﴾

49. At pagkaraan nito ay darating ang taon na ang mga tao ay magkakaroon ng saganang ulan, at dito sila ay magpipiga (ng mga oliba at ubas).”

وَقَالَ ٱلْمَلِكُ ٱئْتُونِي بِهِۦ ۖ فَلَمَّا جَآءَهُ ٱلرَّسُولُ قَالَ ٱرْجِعْ إِلَىٰ رَبِّكَ فَسْـَٔلْهُ مَا بَالُ ٱلنِّسْوَةِ ٱلَّٰتِي قَطَّعْنَ أَيْدِيَهُنَّ ۚ إِنَّ رَبِّي بِكَيْدِهِنَّ عَلِيمٌ ﴿٥٠﴾

50. At ang hari ay nagsabi: “Inyong dalhin siya sa akin.” Subalit nang ang isinugo ay pumunta sa kanya (Hosep), siya ay nagsabi: Magbalik ka sa iyong panginoon at iyong itanong: “Ano ang nangyari sa mga babae na nahiwa (ng kutsilyo) ang kanilang mga kamay? Katotohanan, ang aking Panginoon (Allah) ay higit na nakababatid ng kanilang balak.”

قَالَ مَا خَطْبُكُنَّ إِذْ رَٰوَدتُّنَّ يُوسُفَ عَن نَّفْسِهِۦ ۚ قُلْنَ حَٰشَ لِلَّهِ مَا عَلِمْنَا عَلَيْهِ مِن سُوٓءٍ ۚ قَالَتِ ٱمْرَأَتُ ٱلْعَزِيزِ ٱلْـَٰٔنَ حَصْحَصَ ٱلْحَقُّ أَنَا۠ رَٰوَدتُّهُۥ عَن نَّفْسِهِۦ وَإِنَّهُۥ لَمِنَ ٱلصَّٰدِقِينَ ﴿٥١﴾

51. (At ang hari) ay nagsabi (sa mga babae): “Ano ang inyong suliranin nang tangkain ninyong akitin si Yusuf (Hosep)?” Ang mga babae ay nagsabi: “Huwag nawang ipahintulot ni Allah! Wala kaming alam na masama laban sa kanya!” Ang asawa ni Aziz ay nagsabi: “Ngayon, ang katotohanan ay naging malinaw (sa lahat), ako ang nagtangkang umakit sa kanya, at katotohanang siya ay isa sa nagsasabi ng katotohanan.’

ذَٰلِكَ لِيَعْلَمَ أَنِّي لَمْ أَخُنْهُ بِٱلْغَيْبِ وَأَنَّ ٱللَّهَ لَا يَهْدِي كَيْدَ ٱلْخَآئِنِينَ ﴿٥٢﴾

52. Kaya’t si Yusuf (Hosep) ay nagsabi: “Ako ay nagtanong sa ganitong pag-uusisa upang kanyang (Aziz) maalaman na siya ay hindi ko pinagtaksilan nang lihim. At katotohanang si Allah ay hindi namamatnubay sa pakana (patibong) ng mga manlilinlang (mandaraya at taksil).

53. At hindi ko kinakalagan ang aking sarili (na walang sisi). Katotohanan, ang kaluluwa (ng tao, o ang katawang tao) ay nahihilig sa masama, malibang ang aking Panginoon ay maggawad ng Kanyang Habag (sa sinumang Kanyang maibigan). Katotohanan, ang aking Panginoon ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain."

۞ وَمَآ أُبَرِّئُ نَفْسِيٓ ۚ إِنَّ ٱلنَّفْسَ لَأَمَّارَةٌۢ بِٱلسُّوٓءِ إِلَّا مَا رَحِمَ رَبِّيٓ ۚ إِنَّ رَبِّي غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٥٣﴾

54. At ang hari ay nagsabi: "Inyong dalhin siya sa akin; siya ay tanging itatalaga ko para sa akin (alalaong baga, gagawin kong kabilang siya sa aking malalapit na alalay at kasama)." Kaya't nang siya (hari) ay mangusap sa kanya, siya ay nagsabi: "Katotohanang sa araw na ito, ikaw ay kasama na namin sa mataas na katatayuan at ikaw ay lubos na pinagtitiwalaan."

وَقَالَ ٱلْمَلِكُ ٱئْتُونِي بِهِۦٓ أَسْتَخْلِصْهُ لِنَفْسِي ۖ فَلَمَّا كَلَّمَهُۥ قَالَ إِنَّكَ ٱلْيَوْمَ لَدَيْنَا مَكِينٌ أَمِينٌ ﴿٥٤﴾

55. Siya (Hosep) ay nagsabi: "(Iyong) italaga ako bilang tagapamahala ng mga yaman ng lupain (o ingat-yaman ng lupain). Katotohanan, ako ay may kaalaman bilang ingat-yaman (bilang isang Ministro ng Pananalapi sa Ehipto)."

قَالَ ٱجْعَلْنِي عَلَىٰ خَزَآئِنِ ٱلْأَرْضِ ۖ إِنِّي حَفِيظٌ عَلِيمٌ ﴿٥٥﴾

56. Kaya't (sa ganito) Namin binigyan si Yusuf (Hosep) ng ganap na kapamahalaan sa kalupaan, na humawak ng pagmamay-ari rito, kung kailan at saan niya ibig. Ipinagkakaloob Namin ang Aming Habag sa sinumang Aming maibigan at hindi Namin pababayaan na mawala ang ganti (gantimpala) ng *Muhsinun* (mga mapaggawa ng kabutihan at katuwiran).

وَكَذَٰلِكَ مَكَّنَّا لِيُوسُفَ فِي ٱلْأَرْضِ يَتَبَوَّأُ مِنْهَا حَيْثُ يَشَآءُ ۖ نُصِيبُ بِرَحْمَتِنَا مَن نَّشَآءُ ۖ وَلَا نُضِيعُ أَجْرَ ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿٥٦﴾

57. At katotohanan, ang gantimpala ng Kabilang Buhay ay higit na mainam sa mga sumasampalataya at palagi nang sumusunod kay Allah (sa pamamagitan ng pag-iwas sa lahat ng uri ng kasalanan at pagsasagawa ng lahat ng uri ng kabutihan at katuwiran).

وَلَأَجْرُ ٱلْآخِرَةِ خَيْرٌ لِّلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَكَانُوا۟ يَتَّقُونَ ﴿٥٧﴾

58. At ang mga kapatid ni Yusuf (Hosep) ay dumating at nagsipasok sa kanya, at kanyang nakilala sila, datapuwa't sila ay hindi nakakilala sa kanya.

وَجَآءَ إِخْوَةُ يُوسُفَ فَدَخَلُوا۟ عَلَيْهِ فَعَرَفَهُمْ وَهُمْ لَهُۥ مُنكِرُونَ ﴿٥٨﴾

59. At nang kanyang mabigyan sila ng mga pagkain (ayon sa kanilang pangangailangan),

وَلَمَّا جَهَّزَهُم بِجَهَازِهِمْ قَالَ ٱئْتُونِي بِأَخٍ

لَكُم مِّنْ أَبِيكُمْ أَلَا تَرَوْنَ أَنِّيٓ أُوفِى ٱلْكَيْلَ وَأَنَا۠ خَيْرُ ٱلْمُنزِلِينَ ﴿٥٩﴾

siya ay nagsabi: "Dalhin ninyo sa akin ang inyong kapatid na lalaki mula sa inyong ama (ang tinutukoy niya ay si Benjamin). Hindi baga ninyo namamalas na ako ay nagbibigay ng ganap na sukat (timbang) at ako ang pinakamainam sa mga tumatanggap ng panauhin?

فَإِن لَّمْ تَأْتُونِى بِهِۦ فَلَا كَيْلَ لَكُمْ عِندِى وَلَا تَقْرَبُونِ ﴿٦٠﴾

60. Datapuwa't kung siya ay hindi ninyo dadalhin sa akin, wala kayong makakamit na takal (timbang) mula sa akin, at hindi rin kayo makakalapit sa akin."

قَالُوا۟ سَنُرَٰوِدُ عَنْهُ أَبَاهُ وَإِنَّا لَفَٰعِلُونَ ﴿٦١﴾

61. Sila ay nagsabi: "Susubukan namin na kumuha ng pahintulot (para sa kanya) mula sa kanyang ama, at katotohanan na gagawin namin ito."

وَقَالَ لِفِتْيَٰنِهِ ٱجْعَلُوا۟ بِضَٰعَتَهُمْ فِى رِحَالِهِمْ لَعَلَّهُمْ يَعْرِفُونَهَآ إِذَا ٱنقَلَبُوٓا۟ إِلَىٰٓ أَهْلِهِمْ لَعَلَّهُمْ يَرْجِعُونَ ﴿٦٢﴾

62. At siya (Hosep) ay nagsabi sa kanyang mga katulong na ilagay ang kanilang kalakal (alalaong baga, ang paninda na kanilang dinala upang ipagpalit sa mga pagkain) sa kanilang mga bag na gamit sa biyahe, upang ito ay kanilang makilala kung sila ay nakauwi na sa kanilang pamilya nang sa gayon sila ay magbalik."

فَلَمَّا رَجَعُوٓا۟ إِلَىٰٓ أَبِيهِمْ قَالُوا۟ يَٰٓأَبَانَا مُنِعَ مِنَّا ٱلْكَيْلُ فَأَرْسِلْ مَعَنَآ أَخَانَا نَكْتَلْ وَإِنَّا لَهُۥ لَحَٰفِظُونَ ﴿٦٣﴾

63. Kaya't nang sila ay bumalik sa kanilang ama, sila ay nagsabi: "O aming ama! Wala ng takal (timbang) ng butil ang aming makukuha (maliban na dalhin namin ang aming kapatid). Kaya't inyong payagan na sumama sa amin ang aming kapatid na lalaki, upang kami ay mabigyan ng takal (timbang). At katotohanang siya ay aming pangangalagaan."

قَالَ هَلْ ءَامَنُكُمْ عَلَيْهِ إِلَّا كَمَآ أَمِنتُكُمْ عَلَىٰٓ أَخِيهِ مِن قَبْلُ ۖ فَٱللَّهُ خَيْرٌ حَٰفِظًا ۖ وَهُوَ أَرْحَمُ ٱلرَّٰحِمِينَ ﴿٦٤﴾

64. Siya ay nagsabi: "Ipagkakatiwala ko ba siya sa inyo, (na walang masamang mangyayari sa kanya) na tulad noong ipinagkatiwala ko sa inyo ang kanyang kapatid (Hosep)? (Wala akong tiwala sa inyo) datapuwa't si Allah ang Higit na Makapangangalaga, at Siya ang Pinakamaawain sa mga nagpapamalas ng habag."

وَلَمَّا فَتَحُوا۟ مَتَٰعَهُمْ وَجَدُوا۟ بِضَٰعَتَهُمْ رُدَّتْ إِلَيْهِمْ ۖ قَالُوا۟ يَٰٓأَبَانَا مَا نَبْغِى ۖ هَٰذِهِۦ بِضَٰعَتُنَا رُدَّتْ إِلَيْنَا ۖ وَنَمِيرُ أَهْلَنَا وَنَحْفَظُ

65. At nang buksan nila ang kanilang mga bag, natagpuan nila na ang kanilang kalakal ay ibinalik sa kanila. Sila ay nagsabi: "O aming ama! Ano pa ba ang aming hihilingin! Narito,

ang aming kalakal ay ibinalik sa amin, kaya't makakakuha kami (nang higit) pang pagkain para sa aming pamilya at mababantayan pa namin ang aming kapatid, at higit pa rito ay makapagdaragdag pa kami ng isang dami (takal) ng karga ng kamelyo. Ang daming ito (timbang o takal) ay madali (para sa hari na ibigay)."

أَخَانَا وَنَزْدَادُ كَيْلَ بَعِيرٍ ۖ ذَٰلِكَ كَيْلٌ يَسِيرٌ ﴿٦٥﴾

66. Siya (Hakob) ay nagsabi: "Hindi ko siya pasasamahin sa inyo malibang kayo ay manumpa sa akin ng taos-pusong pagsumpa sa Ngalan ni Allah, na siya ay inyong ibabalik sa akin, malibang kayo sa inyong sarili ay mapaligiran ng mga kaaway." At nang sila ay makapanumpa na ng mataos na pagsumpa, siya ay nagsabi: "Si Allah ang Saksi sa lahat ng ating tinuran."

قَالَ لَنْ أُرْسِلَهُ مَعَكُمْ حَتَّىٰ تُؤْتُونِ مَوْثِقًا مِّنَ اللَّهِ لَتَأْتُنَّنِي بِهِ إِلَّا أَن يُحَاطَ بِكُمْ ۖ فَلَمَّا آتَوْهُ مَوْثِقَهُمْ قَالَ اللَّهُ عَلَىٰ مَا نَقُولُ وَكِيلٌ ﴿٦٦﴾

67. At kanyang sinabi sa kanila: "O aking mga anak (na lalaki)! Huwag kayong magsipasok sa iisang tarangkahan, datapuwa't magsipasok kayo sa iba't ibang tarangkahan, at hindi ako makakatulong sa inyo sa anupaman laban kay Allah. Katotohanan! Ang pagpapasya ay nakasalalay lamang kay Allah. Sa Kanya ay aking inilalagay ang aking pagtitiwala at hayaan ang lahat ng mga nagtitiwala ay magtiwala sa Kanya."

وَقَالَ يَا بَنِيَّ لَا تَدْخُلُوا مِن بَابٍ وَاحِدٍ وَادْخُلُوا مِنْ أَبْوَابٍ مُّتَفَرِّقَةٍ ۖ وَمَا أُغْنِي عَنكُم مِّنَ اللَّهِ مِن شَيْءٍ ۖ إِنِ الْحُكْمُ إِلَّا لِلَّهِ ۖ عَلَيْهِ تَوَكَّلْتُ ۖ وَعَلَيْهِ فَلْيَتَوَكَّلِ الْمُتَوَكِّلُونَ ﴿٦٧﴾

68. At nang sila ay magsipasok (kay Hosep) ayon sa tagubilin ng kanilang ama, ito ay hindi nakatulong sa kanila kahit na kaunti laban (sa kapasiyahan) ni Allah. Ito ay naging paraan lamang upang masiyahan ang ninanais ng puso ni Hakob. At katotohanan, siya ay pinagkalooban ng karunungan sapagkat siya ay Aming tinuruan, datapuwa't ang karamihan ng mga tao ay hindi nakakaalam.

وَلَمَّا دَخَلُوا مِنْ حَيْثُ أَمَرَهُمْ أَبُوهُم مَّا كَانَ يُغْنِي عَنْهُم مِّنَ اللَّهِ مِن شَيْءٍ إِلَّا حَاجَةً فِي نَفْسِ يَعْقُوبَ قَضَاهَا ۚ وَإِنَّهُ لَذُو عِلْمٍ لِّمَا عَلَّمْنَاهُ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَ النَّاسِ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٦٨﴾

69. At nang sila ay pumasok kay Yusuf (Hosep) [at kaharap na], kinuha niya (Hosep) ang kanyang kapatid (Benjamin) at nagsabi: "Katotohanan! Ako ang iyong kapatid (na lalaki), kaya't huwag kang malumbay sa kanilang ginawa."

وَلَمَّا دَخَلُوا عَلَىٰ يُوسُفَ آوَىٰ إِلَيْهِ أَخَاهُ ۖ قَالَ إِنِّي أَنَا أَخُوكَ فَلَا تَبْتَئِسْ بِمَا كَانُوا يَعْمَلُونَ ﴿٦٩﴾

فَلَمَّا جَهَّزَهُم بِجَهَازِهِمْ جَعَلَ ٱلسِّقَايَةَ فِى رَحْلِ أَخِيهِ ثُمَّ أَذَّنَ مُؤَذِّنٌ أَيَّتُهَا ٱلْعِيرُ إِنَّكُمْ لَسَـٰرِقُونَ ﴿٧٠﴾

70. Kaya't nang sila ay kanya nang mabigyan ng kanilang mga pagkain (lahat ng kanilang pangangailangan) ay inilagay niya (ang ginintuang) tason sa bag ng kanyang kapatid (Benjamin), at pagkaraan, ay may nanawagan: "O kayong nasa sasakyang pambiyahe! Katotohanang kayo ay mga magnanakaw!"

قَالُوا۟ وَأَقْبَلُوا۟ عَلَيْهِم مَّاذَا تَفْقِدُونَ ﴿٧١﴾

71. Sila ay lumingon patungo sa kanila, at nagsabi: "Ano ba yaong nawawala sa inyo?"

قَالُوا۟ نَفْقِدُ صُوَاعَ ٱلْمَلِكِ وَلِمَن جَآءَ بِهِۦ حِمْلُ بَعِيرٍ وَأَنَا۠ بِهِۦ زَعِيمٌ ﴿٧٢﴾

72. Sila ay nagsabi: "Nawawala ang (ginintuang) tason ng hari, at sinuman ang makatagpo (o makapagpalitaw nito, [ang kapalit nito]) ay isang karga (ng pagkain) sa kamelyo. Ako ay naninindigan dito."

قَالُوا۟ تَٱللَّهِ لَقَدْ عَلِمْتُم مَّا جِئْنَا لِنُفْسِدَ فِى ٱلْأَرْضِ وَمَا كُنَّا سَـٰرِقِينَ ﴿٧٣﴾

73. Sila ay nagsabi: "Nanunumpa kami sa Ngalan ni Allah! Katotohanang nababatid ninyo na kami ay hindi pumarito upang gumawa ng kabuktutan sa kalupaan, at kami ay hindi mga magnanakaw!"

قَالُوا۟ فَمَا جَزَٰٓؤُهُۥٓ إِن كُنتُمْ كَـٰذِبِينَ ﴿٧٤﴾

74. Ang mga (tauhan ni Hosep) ay nagsabi: "Ano baga ang magiging parusa sa kanya, kung kayo ay (napatunayan) na mga sinungaling."

قَالُوا۟ جَزَٰٓؤُهُۥ مَن وُجِدَ فِى رَحْلِهِۦ فَهُوَ جَزَٰٓؤُهُۥ ۚ كَذَٰلِكَ نَجْزِى ٱلظَّـٰلِمِينَ ﴿٧٥﴾

75. Sila (mga kapatid ni Hosep) ay nagsabi: "Ang kaparusahan sa sinuman, na sa kanyang bag ay matagpuan (ang nawawala), ay dapat na hulihin upang parusahan (sa gayong kasalanan). Sa gayon namin pinarurusahan ang *Zalimun* (mga buhong, mapaggawa ng kamalian)!"

فَبَدَأَ بِأَوْعِيَتِهِمْ قَبْلَ وِعَآءِ أَخِيهِ ثُمَّ ٱسْتَخْرَجَهَا مِن وِعَآءِ أَخِيهِ ۚ كَذَٰلِكَ كِدْنَا لِيُوسُفَ ۖ مَا كَانَ لِيَأْخُذَ أَخَاهُ فِى دِينِ ٱلْمَلِكِ إِلَّآ أَن يَشَآءَ ٱللَّهُ ۚ نَرْفَعُ دَرَجَـٰتٍ مَّن نَّشَآءُ ۗ وَفَوْقَ كُلِّ ذِى عِلْمٍ عَلِيمٌ ﴿٧٦﴾

76. Kaya't siya (Hosep) ay nagsimulang (maghalughog) sa kanilang mga bag bago (ang paghahalughog) sa bag ng kanyang kapatid (Benjamin). At pagkatapos ay inilabas niya ito mula sa bag ng kanyang kapatid. Kaya't sa ganito Kami nagplano para kay Yusuf (Hosep). Hindi niya maaaring kunin ang kanyang kapatid (bilang isang bihag) ayon sa batas ng hari, malibang maibigan ni Allah (alalaong baga, pinahintulutan ni Allah si Yusuf na makuha ang kanyang kapatid bilang isang bihag matapos na pumayag ang kanyang mga kapatid sa ganitong hatol sa simula pa, at batid niya na ito ang kanilang batas). Itataas Namin sa antas ng

karunungan ang sinumang Aming maibigan, nguni't ang higit sa lahat na may karunungan ay ang (Tanging) Isa, ang Ganap na Maalam (Allah).

۞ قَالُوٓا۟ إِن يَسْرِقْ فَقَدْ سَرَقَ أَخٌ لَّهُۥ مِن قَبْلُ ۚ فَأَسَرَّهَا يُوسُفُ فِى نَفْسِهِۦ وَلَمْ يُبْدِهَا لَهُمْ ۚ قَالَ أَنتُمْ شَرٌّ مَّكَانًا ۖ وَٱللَّهُ أَعْلَمُ بِمَا تَصِفُونَ ﴿٧٧﴾

77. Sila (mga kapatid ni Hosep) ay nagsabi: "Kung siya ay magnakaw, mayroon din siyang kapatid (si Hosep) na nagnakaw nang una pa (sa kanya)." Datapuwa't itinago ni Yusuf (Hosep) na lihim ito sa kanyang puso (sarili) at hindi niya ipinagtapat ito sa kanila. Sinambit niya sa (kanyang sarili): "Kayo ay nasa pinakamasahol na posisyon (masamang kalagayan), at si Allah ang higit na nakakaalam ng lahat ninyong ipinaggigiitan!"

قَالُوا۟ يَٰٓأَيُّهَا ٱلْعَزِيزُ إِنَّ لَهُۥٓ أَبًا شَيْخًا كَبِيرًا فَخُذْ أَحَدَنَا مَكَانَهُۥٓ ۖ إِنَّا نَرَىٰكَ مِنَ ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿٧٨﴾

78. Sila ay nagsabi: "O Aziz (alalaong baga, ang sinasabihan ay si Yusuf [Hosep], na ngayon ay naghahawak ng titulong Aziz [tagapamahala ng kalupaan])! Katotohanang siya ay may matandang ama (na mamimighati sa kanya); kaya't kunin mo ang isa sa amin bilang kapalit niya. Tunay nga, aming inaakala na ikaw ay isa sa *Muhsinun* (mga gumagawa ng kabutihan)."

قَالَ مَعَاذَ ٱللَّهِ أَن نَّأْخُذَ إِلَّا مَن وَجَدْنَا مَتَٰعَنَا عِندَهُۥٓ ۖ إِنَّآ إِذًا لَّظَٰلِمُونَ ﴿٧٩﴾

79. Siya ay nagsabi: "Huwag nawang pahintulutan ni Allah na kami ay kumuha ng sinuman maliban sa kanya na siya naming kinatagpuan ng aming ari-arian. Katotohanang (kung ito ay aming gawin), kami ay magiging *Zalimun* (mga buktot, buhong, mapaggawa ng kamalian)."

فَلَمَّا ٱسْتَيْـَٔسُوا۟ مِنْهُ خَلَصُوا۟ نَجِيًّا ۖ قَالَ كَبِيرُهُمْ أَلَمْ تَعْلَمُوٓا۟ أَنَّ أَبَاكُمْ قَدْ أَخَذَ عَلَيْكُم مَّوْثِقًا مِّنَ ٱللَّهِ وَمِن قَبْلُ مَا فَرَّطتُّمْ فِى يُوسُفَ ۖ فَلَنْ أَبْرَحَ ٱلْأَرْضَ حَتَّىٰ يَأْذَنَ لِىٓ أَبِىٓ أَوْ يَحْكُمَ ٱللَّهُ لِى ۖ وَهُوَ خَيْرُ ٱلْحَٰكِمِينَ ﴿٨٠﴾

80. Kaya't nang sila ay nawalan na ng pag-asa sa kanya, sila ay lingid na nag-usap-usapan. Ang pinakamatanda sa kanila ay nagsabi: "Hindi baga ninyo alam na ang inyong ama ay kumuha ng sumpa mula sa inyo sa Ngalan ni Allah, at bago pa rito, kayo ay nabigo sa inyong tungkulin kay Yusuf (Hosep)? Kaya nga, hindi ako aalis sa lupaing ito hanggang ako ay pahintulutan ng aking ama, o si Allah ay magpasya sa aking suliranin (sa pamamagitan nang pagpapalaya kay Benjamin) at Siya ang Pinakamahusay sa lahat ng Hukom."

ٱرْجِعُوٓا۟ إِلَىٰٓ أَبِيكُمْ فَقُولُوا۟ يَٰٓأَبَانَآ إِنَّ

81. Magsibalik kayo sa inyong ama at sabihin,

"O aming ama! Katotohanan, ang inyong anak na lalaki (Benjamin) ay nagnakaw, at kami ay hindi sumasaksi maliban lamang sa aming nalalaman, at hindi namin napag-aalaman ang nalilingid!

أَبْنَكَ سَرَقَ وَمَا شَهِدْنَآ إِلَّا بِمَا عَلِمْنَا وَمَا كُنَّا لِلْغَيْبِ حَٰفِظِينَ ﴿٨١﴾

82. At inyong tanungin (ang mga tao) ng bayan na aming pinuntahan, at ang karaban (sasakyan o ang mga manlalakbay) na aming sinakyang pabalik, at katiyakang kami ay nagsasabi ng katotohanan."

وَسْـَٔلِ ٱلْقَرْيَةَ ٱلَّتِى كُنَّا فِيهَا وَٱلْعِيرَ ٱلَّتِىٓ أَقْبَلْنَا فِيهَا ۖ وَإِنَّا لَصَٰدِقُونَ ﴿٨٢﴾

83. Siya (Hakob) ay nagsabi: "Datapuwa't ang inyong masamang kaluluwa ay tumukso sa inyo upang gumawa ng isang bagay, (alalaong baga, kayo sa inyong sarili ang naggawa-gawa [kumatha] ng ganitong dahilan), kaya't (para sa akin) ang pagtitiis ay mabuti (higit na marapat)! Nawa'y ibalik silang lahat ni Allah sa akin. Tunay nga, Siya ang Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan."

قَالَ بَلْ سَوَّلَتْ لَكُمْ أَنفُسُكُمْ أَمْرًا ۖ فَصَبْرٌ جَمِيلٌ ۖ عَسَى ٱللَّهُ أَن يَأْتِيَنِى بِهِمْ جَمِيعًا ۚ إِنَّهُۥ هُوَ ٱلْعَلِيمُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٨٣﴾

84. At siya ay tumalikod sa kanilang lahat at nagsabi: "Gaano kalaki ang aking pamimighati kay Yusuf (Hosep)!" At nawalan siya ng paningin dahilan sa kalumbayan na kanyang pinaglalabanan.

وَتَوَلَّىٰ عَنْهُمْ وَقَالَ يَٰٓأَسَفَىٰ عَلَىٰ يُوسُفَ وَٱبْيَضَّتْ عَيْنَاهُ مِنَ ٱلْحُزْنِ فَهُوَ كَظِيمٌ ﴿٨٤﴾

85. Sila ay nagsabi: "Nanunumpa kami sa Ngalan ni Allah! Kayo (Hakob) ay hindi titigil sa pag-aala-ala kay Yusuf (Hosep) hanggang sa kayo ay maging mahina na dahil sa katandaan, o hanggang sa mapabilang kayo sa mga pumanaw."

قَالُوا۟ تَٱللَّهِ تَفْتَؤُا۟ تَذْكُرُ يُوسُفَ حَتَّىٰ تَكُونَ حَرَضًا أَوْ تَكُونَ مِنَ ٱلْهَٰلِكِينَ ﴿٨٥﴾

86. Siya ay nagsabi: "Ako ay dumaraing lamang kay Allah sa aking pamimighati at pagkalumbay, at nababatid ko mula kay Allah ang hindi ninyo nalalaman.

قَالَ إِنَّمَآ أَشْكُوا۟ بَثِّى وَحُزْنِىٓ إِلَى ٱللَّهِ وَأَعْلَمُ مِنَ ٱللَّهِ مَا لَا تَعْلَمُونَ ﴿٨٦﴾

87. O aking mga anak! Magsiyaon kayo at ipagtanong ang tungkol kay Yusuf (Hosep) at ang kanyang kapatid na lalaki, at huwag kailanman mawalan ng pag-asa sa Habag ni Allah. Katiyakang walang nawawalan ng pag-asa sa Habag ni Allah, maliban sa mga tao na hindi sumasampalataya."

يَٰبَنِىَّ ٱذْهَبُوا۟ فَتَحَسَّسُوا۟ مِن يُوسُفَ وَأَخِيهِ وَلَا تَاْيْـَٔسُوا۟ مِن رَّوْحِ ٱللَّهِ ۖ إِنَّهُۥ لَا يَاْيْـَٔسُ مِن رَّوْحِ ٱللَّهِ إِلَّا ٱلْقَوْمُ ٱلْكَٰفِرُونَ ﴿٨٧﴾

88. Kaya't nang sila ay magsipasok sa kanya

فَلَمَّا دَخَلُوا۟ عَلَيْهِ قَالُوا۟ يَٰٓأَيُّهَا ٱلْعَزِيزُ مَسَّنَا

(Hosep), sila ay nagsabi: "O Aziz (tagapamahala ng lupain)! Ang isang kagipitan ay sumapit sa amin at sa aming pamilya, at wala kaming dala maliban sa kakaunting puhunan lamang (kalakal na walang gaanong halaga), kaya't kami ay bayaran mo nang ganap na takal (sukat) at maging mapagkawanggawa sa amin. Katotohanang binibigyan ng ganti ni Allah ang mapagkawanggawa."

وَأَهْلَنَا ٱلضُّرُّ وَجِئْنَا بِبِضَٰعَةٍ مُّزْجَىٰةٍ فَأَوْفِ لَنَا ٱلْكَيْلَ وَتَصَدَّقْ عَلَيْنَآ ۖ إِنَّ ٱللَّهَ يَجْزِى ٱلْمُتَصَدِّقِينَ ﴿٨٨﴾

89. Siya ay nagsabi: "Nababatid ba ninyo kung ano ang inyong ginawa kay Yusuf (Hosep) at sa kanyang kapatid na lalaki nang kayo ay mga walang muwang?"

قَالَ هَلْ عَلِمْتُم مَّا فَعَلْتُم بِيُوسُفَ وَأَخِيهِ إِذْ أَنتُمْ جَٰهِلُونَ ﴿٨٩﴾

90. Sila ay nagsabi: "Tunay bang ikaw nga si Yusuf (Hosep)?" Siya ay nagsabi: "Ako si Yusuf (Hosep), at ito ang aking kapatid (Benjamin). Si Allah ay katiyakang naging mapagpala sa amin. Katotohanang siya na may pagkatakot sa Kanya (Allah) at matiyaga, tunay nga, hindi hahayaan ni Allah na mawala ang gantimpala ng mga gumagawa ng katampatan."

قَالُوٓا۟ أَءِنَّكَ لَأَنتَ يُوسُفُ ۖ قَالَ أَنَا۠ يُوسُفُ وَهَٰذَآ أَخِى ۖ قَدْ مَنَّ ٱللَّهُ عَلَيْنَآ ۖ إِنَّهُۥ مَن يَتَّقِ وَيَصْبِرْ فَإِنَّ ٱللَّهَ لَا يُضِيعُ أَجْرَ ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿٩٠﴾

91. Sila ay nagsabi: "Nanunumpa kami sa Ngalan ni Allah! Katotohanang higit kang minabuti ni Allah kaysa sa amin, at katotohanang kami ay naging makasalanan."

قَالُوا۟ تَٱللَّهِ لَقَدْ ءَاثَرَكَ ٱللَّهُ عَلَيْنَا وَإِن كُنَّا لَخَٰطِـِٔينَ ﴿٩١﴾

92. Siya ay nagsabi: "Sa araw na ito, walang sisi ang ibubunton sa inyo, patawarin nawa kayo ni Allah, at Siya ang Pinakamaawain sa mga nagpapamalas ng habag!

قَالَ لَا تَثْرِيبَ عَلَيْكُمُ ٱلْيَوْمَ ۖ يَغْفِرُ ٱللَّهُ لَكُمْ ۖ وَهُوَ أَرْحَمُ ٱلرَّٰحِمِينَ ﴿٩٢﴾

93. Kayo ay humayo na dala ang aking damit, at ipagpag ninyo ito sa mukha ng aking ama, ang kanyang paningin ay muling magbabalik, at dalhin ninyo sa akin ang buo ninyong pamilya."

ٱذْهَبُوا۟ بِقَمِيصِى هَٰذَا فَأَلْقُوهُ عَلَىٰ وَجْهِ أَبِى يَأْتِ بَصِيرًا وَأْتُونِى بِأَهْلِكُمْ أَجْمَعِينَ ﴿٩٣﴾

94. At nang ang karaban (sasakyang pambiyahe) ay umalis na (sa Ehipto), ang kanilang ama ay nangusap: "Katotohanang aking nalalanghap ang amoy (samyo o bango) ni Yusuf (Hosep), (at masasabi ko na siya ay buhay) kung kayo ay hindi nag-aakala na ako ay ulyanin (mahina na ang isipan)."

وَلَمَّا فَصَلَتِ ٱلْعِيرُ قَالَ أَبُوهُمْ إِنِّى لَأَجِدُ رِيحَ يُوسُفَ ۖ لَوْلَآ أَن تُفَنِّدُونِ ﴿٩٤﴾

95. Sila ay nagsabi: "Nanunumpa kami sa Ngalan ni Allah! Tunay nga, kayo ay patuloy na

قَالُوا۟ تَٱللَّهِ إِنَّكَ لَفِى ضَلَٰلِكَ ٱلْقَدِيمِ ﴿٩٥﴾

nagdurusa sa inyong matagal ng ilusyon (pag-aakala o kamalian)."

فَلَمَّآ أَن جَآءَ ٱلْبَشِيرُ أَلْقَىٰهُ عَلَىٰ وَجْهِهِۦ فَٱرْتَدَّ بَصِيرًا ۖ قَالَ أَلَمْ أَقُل لَّكُمْ إِنِّيٓ أَعْلَمُ مِنَ ٱللَّهِ مَا لَا تَعْلَمُونَ ﴿٩٦﴾

96. At nang ang tagapagdala ng magandang balita ay dumating, ay ipinagpag niya ang damit (ni Hosep) sa buo niyang mukha (Hakob), at nanauli ang kanyang paningin. Siya ay nangusap: "Hindi baga sinabi ko na sa inyo, na nalalaman ko mula kay Allah ang hindi ninyo nalalaman."

قَالُوا۟ يَٰٓأَبَانَا ٱسْتَغْفِرْ لَنَا ذُنُوبَنَآ إِنَّا كُنَّا خَٰطِـِٔينَ ﴿٩٧﴾

97. Sila ay nagsabi: "O aming ama! Manikluhod kayo (kay Allah) para sa kapatawaran ng aming mga kasalanan, katotohanang kami ay naging makasalanan."

قَالَ سَوْفَ أَسْتَغْفِرُ لَكُمْ رَبِّىٓ ۖ إِنَّهُۥ هُوَ ٱلْغَفُورُ ٱلرَّحِيمُ ﴿٩٨﴾

98. Siya ay nangusap: "Hihilingin ko sa aking Panginoon ang (Kanyang) pagpapatawad sa inyo, katotohanang tanging Siya lamang ang Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain."

فَلَمَّا دَخَلُوا۟ عَلَىٰ يُوسُفَ ءَاوَىٰٓ إِلَيْهِ أَبَوَيْهِ وَقَالَ ٱدْخُلُوا۟ مِصْرَ إِن شَآءَ ٱللَّهُ ءَامِنِينَ ﴿٩٩﴾

99. Kaya't nang sila ay magsitungo kay Yusuf (Hosep) ay inilapit niya ang kanyang magulang sa kanyang sarili at nagsabi: "Pumasok kayo sa Ehipto sa kapahintulutan ni Allah, nang matiwasay (sa kapayapaan at kapanatagan)."

وَرَفَعَ أَبَوَيْهِ عَلَى ٱلْعَرْشِ وَخَرُّوا۟ لَهُۥ سُجَّدًا ۖ وَقَالَ يَٰٓأَبَتِ هَٰذَا تَأْوِيلُ رُءْيَىَ مِن قَبْلُ قَدْ جَعَلَهَا رَبِّى حَقًّا ۖ وَقَدْ أَحْسَنَ بِىٓ إِذْ أَخْرَجَنِى مِنَ ٱلسِّجْنِ وَجَآءَ بِكُم مِّنَ ٱلْبَدْوِ مِنۢ بَعْدِ أَن نَّزَغَ ٱلشَّيْطَٰنُ بَيْنِى وَبَيْنَ إِخْوَتِىٓ ۚ إِنَّ رَبِّى لَطِيفٌ لِّمَا يَشَآءُ ۚ إِنَّهُۥ هُوَ ٱلْعَلِيمُ ٱلْحَكِيمُ ﴿١٠٠﴾

100. At itinaas niya ang kanyang magulang sa luklukan (trono) at sila ay nagpatirapa[29] (nagbigay-galang) sa kanya (Hosep). Siya (Hosep) ay nagsabi: "O aking ama! Ito ang kahulugan ng aking panaginip noon pang una! Pinahintulutan ng aking Panginoon na ito ay mangyari! Siya ay tunay na mabuti sa akin nang ako ay hanguin Niya sa bilangguan, at kayo ay dinala (Niyang) lahat dito (sa akin) mula sa pamumuhay ng *bedouin* sa disyerto, pagkaraang makapagtanim si Satanas ng galit sa pagitan ko at ng aking mga kapatid. Katotohanan, ang Aking Panginoon ay Pinakamapagpala at Pinakamabait sa sinumang Kanyang maibigan. Katotohanan! Siya ang Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan.

---

[29] Ang pagpapatirapa bilang pagbati at paggalang ay pinahihintulutan sa kanila hanggang sa pagdating ni Propeta Muhammad nang kanyang ipagbawal ang pagpapatirapa sa kaninumang tao o anumang bagay maliban lamang kay Allah nang walang pasubali.

101. O aking Panginoon! Katotohanang ako ay pinagkalooban Ninyo ng kapangyarihan (kapamahalaan), at itinuro (Ninyo) sa akin ang pagpapakahulugan ng mga panaginip; Kayo lamang ang tanging Manlilikha ng mga kalangitan at kalupaan! Kayo ang aking *Wali* (Tagapangalaga, Tagapagtangkilik, Tagapagtaguyod, Tagapagbantay) sa mundong ito at sa Kabilang Buhay. Ako ay bayaan (Ninyo) na mamatay bilang isang Muslim (na sumusuko sa Inyong Kalooban) at ako ay (Inyong) ibilang sa mga matutuwid."

۞ رَبِّ قَدْ ءَاتَيْتَنِي مِنَ ٱلْمُلْكِ وَعَلَّمْتَنِي مِن تَأْوِيلِ ٱلْأَحَادِيثِ ۚ فَاطِرَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ أَنتَ وَلِيِّۦ فِى ٱلدُّنْيَا وَٱلْـَٔاخِرَةِ ۖ تَوَفَّنِى مُسْلِمًا وَأَلْحِقْنِى بِٱلصَّٰلِحِينَ ﴿١٠١﴾

102. Ito ang balita ng *Ghaib* (bagay na nakalingid) na ipinahayag Namin sa iyo (O Muhammad) sa inspirasyon. Ikaw ay wala sa kanilang harapan nang sama-sama nilang balakin ang kanilang plano, gayundin nang sila ay naghahanda ng pakana.

ذَٰلِكَ مِنْ أَنۢبَآءِ ٱلْغَيْبِ نُوحِيهِ إِلَيْكَ ۖ وَمَا كُنتَ لَدَيْهِمْ إِذْ أَجْمَعُوٓا۟ أَمْرَهُمْ وَهُمْ يَمْكُرُونَ ﴿١٠٢﴾

103. At ang karamihan sa mga tao ay hindi mananampalataya gaano man kasidhi ang iyong naisin.

وَمَآ أَكْثَرُ ٱلنَّاسِ وَلَوْ حَرَصْتَ بِمُؤْمِنِينَ ﴿١٠٣﴾

104. At wala kang hinihintay na ganti sa kanila (sa mensaheng) ito (sa mga nagtatatwa ng iyong pagka-propeta), sapagkat ito (ang Qur'an) ay wala ng iba maliban sa isang Paala-ala at Patnubay sa *Aalamin* (mga tao, *Jinn* at lahat ng mga nilalang).

وَمَا تَسْـَٔلُهُمْ عَلَيْهِ مِنْ أَجْرٍ ۚ إِنْ هُوَ إِلَّا ذِكْرٌ لِّلْعَٰلَمِينَ ﴿١٠٤﴾

105. At gaano na ba karami ang mga Tanda sa kalangitan at kalupaan ang kanilang nadadaanan (namamasdan) ngunit hindi nila pinahalagahan (ipinagwalang-bahala), at sila ay salungat (tutol) dito.

وَكَأَيِّن مِّنْ ءَايَةٍ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ يَمُرُّونَ عَلَيْهَا وَهُمْ عَنْهَا مُعْرِضُونَ ﴿١٠٥﴾

106. At ang karamihan sa kanila ay hindi sumasampalataya kay Allah, maliban pa rito, sila ay nagtataguri ng mga katambal (sa pagsamba sa Kanya).

وَمَا يُؤْمِنُ أَكْثَرُهُم بِٱللَّهِ إِلَّا وَهُم مُّشْرِكُونَ ﴿١٠٦﴾

107. Sila baga ay nakadarama ng katiwasayan sa daratal na lambong ng belo ng poot (kaparusahan) ni Allah laban sa kanila, o ang darating na (Huling) Oras laban sa kanila, sa isang iglap lamang, sa sandali na hindi nila napag-aakala?

أَفَأَمِنُوٓا۟ أَن تَأْتِيَهُمْ غَٰشِيَةٌ مِّنْ عَذَابِ ٱللَّهِ أَوْ تَأْتِيَهُمُ ٱلسَّاعَةُ بَغْتَةً وَهُمْ لَا يَشْعُرُونَ ﴿١٠٧﴾

قُلْ هَٰذِهِۦ سَبِيلِىٓ أَدْعُوٓا۟ إِلَى ٱللَّهِ ۚ عَلَىٰ بَصِيرَةٍ أَنَا۠ وَمَنِ ٱتَّبَعَنِى ۖ وَسُبْحَٰنَ ٱللَّهِ وَمَآ أَنَا۠ مِنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿١٠٨﴾

108. Ipagbadya mo (O Muhammad): "Ito ang aking daan; ako ay nag-aanyaya kay Allah (ang pagsasagawa ng *Da'wah* [inbitasyon] para sa kapakanan ni Allah) ng may tiyak na karunungan, ako at ang sinumang sumusunod sa akin (ay marapat ding mag-anyaya sa iba tungo kay Allah, alalaong baga, ang pagsampalataya sa Kanyang Kaisahan). At luwalhatiin si Allah. At ako ay hindi kasama sa *Mushrikun* (mga sumasamba sa diyus-diyosan, pagano, walang pananalig, mapaggawa ng kamalian).

وَمَآ أَرْسَلْنَا مِن قَبْلِكَ إِلَّا رِجَالًا نُّوحِىٓ إِلَيْهِم مِّنْ أَهْلِ ٱلْقُرَىٰ ۗ أَفَلَمْ يَسِيرُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ فَيَنظُرُوا۟ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ ۗ وَلَدَارُ ٱلْءَاخِرَةِ خَيْرٌ لِّلَّذِينَ ٱتَّقَوْا۟ ۗ أَفَلَا تَعْقِلُونَ ﴿١٠٩﴾

109. At hindi Kami kailanman nagsugo nang una pa sa iyo (ng mga Sugo) na hihigit pa sa pagiging tao, na Aming binigyang-inspirasyon (hinirang) mula sa pamayanan ng mga bayan. Hindi baga sila nagsipaglakbay sa kalupaan at kanilang napagmalas kung ano ang kinasapitan ng mga tao na nauna sa kanila? At katotohanan, ang tahanan ng Kabilang Buhay ay siyang pinakamainam sa mga may pagkatakot kay Allah (at sumusunod sa Kanya). Hindi baga kayo nakakaunawa?

حَتَّىٰٓ إِذَا ٱسْتَيْـَٔسَ ٱلرُّسُلُ وَظَنُّوٓا۟ أَنَّهُمْ قَدْ كُذِبُوا۟ جَآءَهُمْ نَصْرُنَا فَنُجِّىَ مَن نَّشَآءُ ۖ وَلَا يُرَدُّ بَأْسُنَا عَنِ ٱلْقَوْمِ ٱلْمُجْرِمِينَ ﴿١١٠﴾

110. (Sila ay binigyan ng palugit), hanggang nang ang Aming mga Sugo ay mawalan na ng pag-asa at nag-isip na sila ay itinuring na mga sinungaling ng kanilang pamayanan (sila ay itinatwa at itinakwil), sa gayong kalagayan ay dumatal sa kanila ang Aming tulong, at sinumang Aming maibigan ay naligtas. At ang Aming kaparusahan ay hindi maiilagan ng *Mujrimun* (mga taong buhong, buktot, kriminal, palasuway kay Allah, mapagsamba sa mga diyus-diyosan).

لَقَدْ كَانَ فِى قَصَصِهِمْ عِبْرَةٌ لِّأُو۟لِى ٱلْأَلْبَٰبِ ۗ مَا كَانَ حَدِيثًا يُفْتَرَىٰ وَلَٰكِن تَصْدِيقَ ٱلَّذِى بَيْنَ يَدَيْهِ وَتَفْصِيلَ كُلِّ شَىْءٍ وَهُدًى وَرَحْمَةً لِّقَوْمٍ يُؤْمِنُونَ ﴿١١١﴾

111. Katotohanan, sa kanilang kasaysayan ay mayroong aral para sa mga tao na may pang-unawa. Ito (ang Qu'ran) ay hindi isang katha (imbento) na kapahayagan, bagkus, ay isang pagpapatotoo sa mga nanga-unang Kasulatan (ang *Torah* [mga Batas], Ebanghelyo, atbp.), isang masusi at puspusang paliwanag sa lahat (ng bagay), at isang patnubay at Habag sa mga taong sumasampalataya.



Surah 13

Surat Ar-Ra'd
(Ang Kidlat)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

الٓمٓرٰ ۚ تِلْكَ ءَايَٰتُ ٱلْكِتَٰبِ ۗ وَٱلَّذِىٓ أُنزِلَ إِلَيْكَ مِن رَّبِّكَ ٱلْحَقُّ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَ ٱلنَّاسِ لَا يُؤْمِنُونَ ﴿١﴾

1. Alif, Lam, Mim, Ra. (A, La, Ma, Ra. Ito ay mga titik sa wikang Arabik na tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan). Ito ang mga Talata ng Aklat (ang Qur'an), ang ipinahayag sa iyo (O Muhammad) mula sa iyong Panginoon ay ang Katotohanan, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay hindi sumasampalataya.

ٱللَّهُ ٱلَّذِى رَفَعَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ بِغَيْرِ عَمَدٍ تَرَوْنَهَا ۖ ثُمَّ ٱسْتَوَىٰ عَلَى ٱلْعَرْشِ ۖ وَسَخَّرَ ٱلشَّمْسَ وَٱلْقَمَرَ ۖ كُلٌّ يَجْرِى لِأَجَلٍ مُّسَمًّى ۚ يُدَبِّرُ ٱلْأَمْرَ يُفَصِّلُ ٱلْءَايَٰتِ لَعَلَّكُم بِلِقَآءِ رَبِّكُمْ تُوقِنُونَ ﴿٢﴾

2. Si Allah ang Siyang nagtaas sa kalangitan na wala ni anumang haligi kayong mapagmamalas. At pagkatapos, Siya ay nag-*istawa* (pumaibabaw) sa *'Arsh* (Luklukan, sa paraang naaangkop sa Kanyang Kamahalan). Ipinailalim Niya (sa Kanyang pag-uutos) ang araw at buwan (upang magpatuloy na umiinog)! Ang bawat isa ay tumatakbo sa (kanyang daan) sa natatakdaang panahon. Siya ang namamahala sa lahat ng bagay (pangyayari), na nagpapaliwanag sa *Ayat* (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, atbp.) sa masusing paraan, upang kayo ay manampalataya ng may katiyakan sa pakikipagtipan ninyo sa inyong Panginoon.

وَهُوَ ٱلَّذِى مَدَّ ٱلْأَرْضَ وَجَعَلَ فِيهَا رَوَٰسِىَ وَأَنْهَٰرًا ۖ وَمِن كُلِّ ٱلثَّمَرَٰتِ جَعَلَ فِيهَا زَوْجَيْنِ ٱثْنَيْنِ ۖ يُغْشِى ٱلَّيْلَ ٱلنَّهَارَ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَٰتٍ لِّقَوْمٍ يَتَفَكَّرُونَ ﴿٣﴾

3. At Siya ang naglatag ng sangkalupaan at naglagay dito nang matatatag na mga bundok, at mga ilog, at lahat ng uri ng bungangkahoy. Lumikha Siya ng *Zawjain Ithnain* (lahat ng uri na magkapares, o dalawang uri na magkaiba, tulad ng itim at puti, matamis at maasim, maliit at malaki). Nilikha Niya ang gabi upang pangkanlong sa araw (maghapon). Katotohanan,

sa ganitong mga bagay ay may *Ayat* (mga tanda, aral, kapahayagan, katibayan, atbp.) sa mga tao na nagmumuni-muni.

وَفِي ٱلْأَرْضِ قِطَعٌ مُّتَجَٰوِرَٰتٌ وَجَنَّٰتٌ مِّنْ أَعْنَٰبٍ وَزَرْعٌ وَنَخِيلٌ صِنْوَانٌ وَغَيْرُ صِنْوَانٍ يُسْقَىٰ بِمَآءٍ وَٰحِدٍ وَنُفَضِّلُ بَعْضَهَا عَلَىٰ بَعْضٍ فِي ٱلْأُكُلِ ۚ إِنَّ فِي ذَٰلِكَ لَءَايَٰتٍ لِّقَوْمٍ يَعْقِلُونَ ﴿٤﴾

4. At sa kalupaan ay may magkakadatig na kama (ng lupa), at halamanan ng ubasan, at (mga bukirin) ng iba't ibang pananim, at mga palmera, na sumisibol sa dalawa o tatlo mula sa isang punong-ugat o isang sibol sa iisang ugat, na dinidiligan ng magkatulad (o parehong) tubig, magkagayunman, ang iba sa kanila ay ginawa Namin na higit na mainam na kainin kaysa sa iba. Katotohanan, sa ganitong mga bagay ay may *Ayat* (mga tanda, aral, kapahayagan, katibayan) sa mga tao na nakakaunawa.

۞ وَإِن تَعْجَبْ فَعَجَبٌ قَوْلُهُمْ أَءِذَا كُنَّا تُرَٰبًا أَءِنَّا لَفِي خَلْقٍ جَدِيدٍ ۗ أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ بِرَبِّهِمْ ۖ وَأُو۟لَٰٓئِكَ ٱلْأَغْلَٰلُ فِىٓ أَعْنَاقِهِمْ ۖ وَأُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلنَّارِ ۖ هُمْ فِيهَا خَٰلِدُونَ ﴿٥﴾

5. At kung ikaw (O Muhammad) ay nanggigilalas (sa kahungkagan ng paniniwala ng mga mapagsamba sa diyus-diyosan, na nagtatakwil sa iyong mensahe tungkol sa paniniwala sa Kaisahan ni Allah, at nagturing sa mga iba sa pagsamba maliban pa kay Allah), kung gayon, higit na kataka-taka ang kanilang sinasabi: "Kung kami ba ay maging alabok na, katotohanang bang kami ay bubuhaying muli sa bagong paglikha?" Sila nga ang hindi sumampalataya sa kanilang Panginoon! At sila nga ang magkakaroon ng kadenang bakal na tatali sa kanilang mga kamay at nakakabit sa kanilang leeg. At sila ang magsisipanirahan sa Apoy upang manatili rito magpakailanman.

وَيَسْتَعْجِلُونَكَ بِٱلسَّيِّئَةِ قَبْلَ ٱلْحَسَنَةِ وَقَدْ خَلَتْ مِن قَبْلِهِمُ ٱلْمَثُلَٰتُ ۗ وَإِنَّ رَبَّكَ لَذُو مَغْفِرَةٍ لِّلنَّاسِ عَلَىٰ ظُلْمِهِمْ ۖ وَإِنَّ رَبَّكَ لَشَدِيدُ ٱلْعِقَابِ ﴿٦﴾

6. Sila ay nagtatanong sa iyo na madaliin ang kasamaan bago ang kabutihan, bagama't mayroon nang nangyari sa kanila noong pang una na katulad ng gayong mga kaparusahan. At katotohanan, ang iyong Panginoon ay Puspos ng Pagpapatawad sa sangkatauhan kahima't sila ay mapaggawa ng kamalian. At katotohanan, ang iyong Panginoon ay Mahigpit sa Pagpaparusa.

وَيَقُولُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لَوْلَآ أُنزِلَ عَلَيْهِ ءَايَةٌ مِّن رَّبِّهِۦٓ ۗ إِنَّمَآ أَنتَ مُنذِرٌ ۖ وَلِكُلِّ قَوْمٍ هَادٍ ﴿٧﴾

7. At ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Bakit kaya wala ni isa mang Tanda ang ipinanaog sa kanya mula sa kanyang Panginoon?" Ikaw ay isa lamang tagapagbabala, at sa bawat pamayanan ay may isang namamatnubay.

8. Nababatid ni Allah ang dinadala (sa sinapupunan) ng bawat babae, at kung gaano ang kulang (sa bilang ng oras o araw o buwan) at gaano ang labis (sa bilang ng oras o araw o buwan) ng mga sinapupunan. Ang lahat ng bagay sa Kanya ay nasa ganap (at angkop) na sukat,

ٱللَّهُ يَعْلَمُ مَا تَحْمِلُ كُلُّ أُنثَىٰ وَمَا تَغِيضُ ٱلْأَرْحَامُ وَمَا تَزْدَادُ ۖ وَكُلُّ شَىْءٍ عِندَهُۥ بِمِقْدَارٍ ﴿٨﴾

9. Ang Lubos na Nakatatalos ng lahat ng nakalingid at nakalantad, ang Pinakadakila, ang Kataas-taasan.

عَٰلِمُ ٱلْغَيْبِ وَٱلشَّهَٰدَةِ ٱلْكَبِيرُ ٱلْمُتَعَالِ ﴿٩﴾

10. Magkatulad lamang sa Kanya kung sinuman sa inyo ang magtago ng kanyang pananalita o magsabi nang lantaran, kahit na siya ay magtago sa gabi o lumakad nang malaya sa araw (maghapon).

سَوَآءٌ مِّنكُم مَّنْ أَسَرَّ ٱلْقَوْلَ وَمَن جَهَرَ بِهِۦ وَمَنْ هُوَ مُسْتَخْفٍۭ بِٱلَّيْلِ وَسَارِبٌۢ بِٱلنَّهَارِ ﴿١٠﴾

11. Sa bawat isang (tao) ay may mga anghel na magkasunod, sa kanyang harapan at sa kanyang likuran. Sila ay nagbabantay sa kanya sa pag-uutos ni Allah. Katotohanan! Hindi babaguhin ni Allah ang kalagayan ng isang pamayanan hanggang hindi nila binabago ang kanilang sarili tungo sa kabutihan. Datapuwa't kung naisin ni Allah ang kaparusahan sa mga tao, walang sinuman ang makapagpapaliban nito, at sila ay walang makikitang tagapagtanggol maliban pa sa Kanya.

لَهُۥ مُعَقِّبَٰتٌ مِّنۢ بَيْنِ يَدَيْهِ وَمِنْ خَلْفِهِۦ يَحْفَظُونَهُۥ مِنْ أَمْرِ ٱللَّهِ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يُغَيِّرُ مَا بِقَوْمٍ حَتَّىٰ يُغَيِّرُوا۟ مَا بِأَنفُسِهِمْ ۗ وَإِذَآ أَرَادَ ٱللَّهُ بِقَوْمٍ سُوٓءًا فَلَا مَرَدَّ لَهُۥ ۚ وَمَا لَهُم مِّن دُونِهِۦ مِن وَالٍ ﴿١١﴾

12. Siya ang nagpapamalas sa inyo ng kidlat, bilang isang pangamba (sa mga naglalakbay) at bilang isang pag-asa (sa mga naghihintay ng ulan). At Siya ang naglulunsad ng mga ulap (upang mamuo), na tigib (ng tubig).

هُوَ ٱلَّذِى يُرِيكُمُ ٱلْبَرْقَ خَوْفًا وَطَمَعًا وَيُنشِئُ ٱلسَّحَابَ ٱلثِّقَالَ ﴿١٢﴾

13. Ang *Ra'd* (kidlat) ay lumuluwalhati at nagpupuri sa Kanya, gayundin ang mga anghel sa pagpipitagan sa Kanya. At Siya ang nagpaparating ng liwanag ng kidlat, at dito ay pinatatamaan Niya ang sinumang Kanyang maibigan, datapuwa't ang mga hindi sumasampalataya ay nagtatalo tungkol kay Allah. At Siya ang Pinakamalakas sa Kapangyarihan at Mahigpit sa Pagpaparusa.

وَيُسَبِّحُ ٱلرَّعْدُ بِحَمْدِهِۦ وَٱلْمَلَٰٓئِكَةُ مِنْ خِيفَتِهِۦ وَيُرْسِلُ ٱلصَّوَٰعِقَ فَيُصِيبُ بِهَا مَن يَشَآءُ وَهُمْ يُجَٰدِلُونَ فِى ٱللَّهِ وَهُوَ شَدِيدُ ٱلْمِحَالِ ﴿١٣﴾

14. Nasasa-Kanya (lamang) ang pagluhog

لَهُۥ دَعْوَةُ ٱلْحَقِّ ۖ وَٱلَّذِينَ يَدْعُونَ مِن دُونِهِۦ لَا

(panambitan) ng Katotohanan (alalaong baga, wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya). At yaong kanilang dinadalanginan bukod pa sa Kanya ay hindi tumutugon sa kanila (kahit) na sa isa mang bagay, maliban na katulad ng isang naglalawit ng kanyang kamay (sa gilid ng balon) upang maabot ang kanyang bunganga, datapuwa't hindi niya ito maabot, at ang pagluhog (panambitan) ng mga hindi nananampalataya ay wala ng iba pa maliban sa kamalian (alalaong baga, ito ay walang saysay).

لَهُۥ دَعْوَةُ ٱلْحَقِّ ۖ وَٱلَّذِينَ يَدْعُونَ مِن دُونِهِۦ لَا يَسْتَجِيبُونَ لَهُم بِشَىْءٍ إِلَّا كَبَٰسِطِ كَفَّيْهِ إِلَى ٱلْمَآءِ لِيَبْلُغَ فَاهُ وَمَا هُوَ بِبَٰلِغِهِۦ ۚ وَمَا دُعَآءُ ٱلْكَٰفِرِينَ إِلَّا فِى ضَلَٰلٍ ﴿١٤﴾

15. At (tanging) kay Allah (lamang) nagpapatirapa ang sinumang nasa kalangitan at kalupaan, nang maluwag sa kalooban o hindi bukal sa kalooban, at gayundin ang kanilang anino sa umaga at sa hapon.

وَلِلَّهِ يَسْجُدُ مَن فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ طَوْعًا وَكَرْهًا وَظِلَٰلُهُم بِٱلْغُدُوِّ وَٱلْءَاصَالِ ﴿١٥﴾

16. Ipagbadya (O Muhammad): "Sino ang Panginoon ng mga kalangitan at kalupaan?" Ipagbadya: "Siya, si Allah." Ipagbadya: "Tinangkilik ba ninyo (para sambahin) bilang *Auliya* (tagapagtanggol, tagapangalaga) ang iba pa maliban sa Kanya, sila na walang angking kapangyarihan upang magbigay ng kapakinabangan o kasahulan sa kanilang sarili? Ipagbadya: "Ang bulag ba ay katumbas ng isang nakakakita? O ang dilim ba ay katulad ng liwanag? O nag-aakibat ba sila kay Allah ng mga katambal (sa Kanya) na lumikha ng katulad ng Kanyang nilikha, upang ang nilikha (na kanilang ginawa, at ang Kanyang nilikha) ay maituturing na magkatulad para sa kanila." Ipagbadya: "Si Allah ang Tagapaglikha ng lahat ng bagay, Siya lamang ang Tanging Isa, ang hindi Mapapangibabawan."

قُلْ مَن رَّبُّ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ قُلِ ٱللَّهُ ۚ قُلْ أَفَٱتَّخَذْتُم مِّن دُونِهِۦٓ أَوْلِيَآءَ لَا يَمْلِكُونَ لِأَنفُسِهِمْ نَفْعًا وَلَا ضَرًّا ۚ قُلْ هَلْ يَسْتَوِى ٱلْأَعْمَىٰ وَٱلْبَصِيرُ أَمْ هَلْ تَسْتَوِى ٱلظُّلُمَٰتُ وَٱلنُّورُ ۚ أَمْ جَعَلُوا۟ لِلَّهِ شُرَكَآءَ خَلَقُوا۟ كَخَلْقِهِۦ فَتَشَٰبَهَ ٱلْخَلْقُ عَلَيْهِمْ ۚ قُلِ ٱللَّهُ خَٰلِقُ كُلِّ شَىْءٍ وَهُوَ ٱلْوَٰحِدُ ٱلْقَهَّٰرُ ﴿١٦﴾

17. Siya (Allah) ang nagpapamalisbis ng tubig (ulan) mula sa alapaap at ang mga lambak ay dinadaluyan ng tubig ayon sa kanilang sukat, at ang baha (agos) ang nagdadala ng dumarami (at natitipong) bula[30] ; at gayundin (sa tanso) na

أَنزَلَ مِنَ ٱلسَّمَآءِ مَآءً فَسَالَتْ أَوْدِيَةٌۢ بِقَدَرِهَا فَٱحْتَمَلَ ٱلسَّيْلُ زَبَدًا رَّابِيًا ۚ وَمِمَّا يُوقِدُونَ عَلَيْهِ فِى ٱلنَّارِ ٱبْتِغَآءَ حِلْيَةٍ أَوْ مَتَٰعٍ زَبَدٌ مِّثْلُهُۥ ۚ كَذَٰلِكَ

[30] Ang *Ayah* (talata) na ito ay nagtataglay ng dalawang talinghaga na nagpapatibay na ang katotohanan ay mananatili at mag-iibayo samantalang ang kasinungalingan ay nababawasan at naglalaho; ito ang unang talinghaga. Ibn Kathir, Vol. 5: 259

يَضْرِبُ ٱللَّهُ ٱلْحَقَّ وَٱلْبَٰطِلَ ۚ فَأَمَّا ٱلزَّبَدُ فَيَذْهَبُ جُفَآءً ۖ وَأَمَّا مَا يَنفَعُ ٱلنَّاسَ فَيَمْكُثُ فِى ٱلْأَرْضِ ۚ كَذَٰلِكَ يَضْرِبُ ٱللَّهُ ٱلْأَمْثَالَ ﴿١٧﴾

kanilang iniinit sa apoy upang sila ay makagawa ng mga palamuti o aparato, rito ay mayroon ding bula na katulad nito[31]; sa ganito, sa pamamagitan ng paghahambing, ay ipinamamalas ni Allah ang Katotohanan at Kabulaanan. At tungkol sa bula (ng baha), ito ay naglalaho at ang makabubuti sa sangkatauhan ay mananatili sa kalupaan. Sa ganito, si Allah ay nagpapamalas ng mga paghahambing (tungo sa Katotohanan at Kabulaanan).

لِلَّذِينَ ٱسْتَجَابُوا۟ لِرَبِّهِمُ ٱلْحُسْنَىٰ ۚ وَٱلَّذِينَ لَمْ يَسْتَجِيبُوا۟ لَهُۥ لَوْ أَنَّ لَهُم مَّا فِى ٱلْأَرْضِ جَمِيعًا وَمِثْلَهُۥ مَعَهُۥ لَٱفْتَدَوْا۟ بِهِۦٓ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمْ سُوٓءُ ٱلْحِسَابِ وَمَأْوَىٰهُمْ جَهَنَّمُ ۖ وَبِئْسَ ٱلْمِهَادُ ﴿١٨﴾

18. At sa mga tumutugon sa Panawagan ng kanilang Panginoon (nanampalataya sa Kaisahan ni Allah at sumunod sa Kanyang Sugong si Muhammad) ay magkakamit ng *Al-Hussna* (alalaong baga, ang Paraiso). Subalit sila na hindi duminig ng Kanyang Panawagan (hindi nanampalataya sa Kaisahan ni Allah at hindi sumunod sa Kanyang Sugong si Muhammad), kahima't sila man ay mayroon ng lahat ng naririto sa mundo at katulad nito, ang mga ito ay ibibigay nilang lahat upang mailigtas nila ang kanilang sarili (sa kaparusahan, subalit ito ay walang magiging saysay). Sa kanila ay sasapit ang kahila-hilakbot na pagsusulit (pagbabalik-tanaw). Ang kanilang pananahanan ay Impiyerno; isang masamang tirahan!"

۞ أَفَمَن يَعْلَمُ أَنَّمَآ أُنزِلَ إِلَيْكَ مِن رَّبِّكَ ٱلْحَقُّ كَمَنْ هُوَ أَعْمَىٰٓ ۚ إِنَّمَا يَتَذَكَّرُ أُو۟لُوا۟ ٱلْأَلْبَٰبِ ﴿١٩﴾

19. Siya kaya na nakakaalam na ang mga ipinahayag sa iyo (O Muhammad) ay siyang Katotohanan mula sa iyong Panginoon ay makakatulad kaya niya na isang bulag? Datapuwa't silang mga tao lamang na may pang-unawa ang nagbibigay ng pahalaga.

ٱلَّذِينَ يُوفُونَ بِعَهْدِ ٱللَّهِ وَلَا يَنقُضُونَ ٱلْمِيثَٰقَ ﴿٢٠﴾

20. Sila na tumutupad sa Kasunduan kay Allah at hindi sumisira sa *Mithaq* (usapan, kasunduan);

وَٱلَّذِينَ يَصِلُونَ مَآ أَمَرَ ٱللَّهُ بِهِۦٓ أَن يُوصَلَ وَيَخْشَوْنَ رَبَّهُمْ وَيَخَافُونَ سُوٓءَ ٱلْحِسَابِ ﴿٢١﴾

21. Sila na nakikipagkaisa sa mga bagay na ipinag-utos ni Allah na pag-isahin (alalaong baga, sila ay mabuti sa kanilang mga kamag-

[31] Ito ang pangalawang talinghaga: samantala, ang ginto at pilak ay iniinit sa pamamagitan ng apoy upang makagawa ng mga palamuti mula rito, ang yero at tanso ay iniinit din upang makagawa ng mga kaldero at katulad nito. Ang bula rin ay pumapaibabaw sa mga ito na katulad ng bula na pumapaibabaw sa tubig. (Ibn Kathir, Vol. 5: 260)

anak at hindi sumisira sa bigkis ng pamilya), at may pagkatakot sa kanilang Panginoon at nangangamba sa sapilitang pagbabalik-tanaw (alalaong baga, ang pagsusulit sa Kabilang Buhay, kaya't sila ay umiiwas sa lahat ng uri ng kasalanan at kasamaan at nagsasagawa ng lahat ng uri ng kabutihan na ipinag-utos ni Allah).

وَٱلَّذِينَ صَبَرُوا۟ ٱبْتِغَآءَ وَجْهِ رَبِّهِمْ وَأَقَامُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ وَأَنفَقُوا۟ مِمَّا رَزَقْنَٰهُمْ سِرًّا وَعَلَانِيَةً وَيَدْرَءُونَ بِٱلْحَسَنَةِ ٱلسَّيِّئَةَ أُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمْ عُقْبَى ٱلدَّارِ ﴿٢٢﴾

22. At sila na nagsisipagtiis alang-alang sa Kasiyahan ng kanilang Panginoon, at nag-aalay ng dasal nang mahinusay (*Iqamat-as-Salat*), at gumugugol mula sa biyaya na Aming ipinagkaloob sa kanila, nang lihim at lantad, at umiiwas sa kasamaan sa pamamagitan ng kabutihan, para sa kanila ay mayroong mainam na tahanan;

جَنَّٰتُ عَدْنٍ يَدْخُلُونَهَا وَمَن صَلَحَ مِنْ ءَابَآئِهِمْ وَأَزْوَٰجِهِمْ وَذُرِّيَّٰتِهِمْ ۖ وَٱلْمَلَٰٓئِكَةُ يَدْخُلُونَ عَلَيْهِم مِّن كُلِّ بَابٍ ﴿٢٣﴾

23. Walang hanggang Halamanan sa Paraiso na kanilang papasukin at (gayundin naman), sila na nagsigawa nang matuwid mula sa lipon ng kanilang mga ama, at kanilang mga asawang (babae), at kanilang mga anak. At ang mga anghel ay papasok sa kanila sa bawat tarangkahan (na nagsasabi):

سَلَٰمٌ عَلَيْكُم بِمَا صَبَرْتُمْ ۚ فَنِعْمَ عُقْبَى ٱلدَّارِ ﴿٢٤﴾

24. *"Salamun alaykum"* (Ang kapayapaan ay sumainyo) sapagkat kayo ay nagsipagtiyaga sa pagbabata! Tunay ngang napakainam ang huling tahanan!"

وَٱلَّذِينَ يَنقُضُونَ عَهْدَ ٱللَّهِ مِنۢ بَعْدِ مِيثَٰقِهِۦ وَيَقْطَعُونَ مَآ أَمَرَ ٱللَّهُ بِهِۦٓ أَن يُوصَلَ وَيُفْسِدُونَ فِى ٱلْأَرْضِ أُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمُ ٱللَّعْنَةُ وَلَهُمْ سُوٓءُ ٱلدَّارِ ﴿٢٥﴾

25. At sila na sumisira sa kasunduan ni Allah, pagkaraan ng pagpapatibay dito, at pumuputol sa mga ipinag-uutos ni Allah na marapat na magkaisa (alalaong baga, ipinagwawalang-bahala ang bigkis ng pagkakamag-anak at hindi mabuti ang pakikitungo sa kanilang mga kamag-anak), at gumagawa ng kabuktutan sa kalupaan, sasakanila ang sumpa (ni Allah, alalaong baga, sila ay malalayo sa Habag Niya); at para sa kanila ang napakasamang tahanan (alalaong baga, ang Impiyerno).

ٱللَّهُ يَبْسُطُ ٱلرِّزْقَ لِمَن يَشَآءُ وَيَقْدِرُ ۚ وَفَرِحُوا۟ بِٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا وَمَا ٱلْحَيَوٰةُ ٱلدُّنْيَا فِى ٱلْءَاخِرَةِ إِلَّا مَتَٰعٌ ﴿٢٦﴾

26. Si Allah ang nagpaparami ng biyaya (pagkain at pangangailangan) sa sinumang Kanyang maibigan at nagpapaunti nito (sa sinumang Kanyang maibigan), at sila ay nagsisipagsaya sa buhay sa mundong ito,

datapuwa't ang buhay sa mundong ito kung ihahambing sa Kabilang Buhay ay isa lamang pagsasaya na pansamantalang dumaraan.

وَيَقُولُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لَوْلَآ أُنزِلَ عَلَيْهِ ءَايَةٌ مِّن رَّبِّهِۦ ۗ قُلْ إِنَّ ٱللَّهَ يُضِلُّ مَن يَشَآءُ وَيَهْدِىٓ إِلَيْهِ مَنْ أَنَابَ ﴿٢٧﴾

27. At sila na hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Bakit kaya wala kahit isang Tanda ang ipinanaog sa kanya (Muhammad) mula sa kanyang Panginoon?'' Ipagbadya: "Katotohanang si Allah ang nagliligaw sa sinumang Kanyang naisin at namamatnubay tungo sa Kanyang Relihiyon sa sinumang bumabaling sa Kanya sa pagsisisi.

ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَتَطْمَئِنُّ قُلُوبُهُم بِذِكْرِ ٱللَّهِ ۗ أَلَا بِذِكْرِ ٱللَّهِ تَطْمَئِنُّ ٱلْقُلُوبُ ﴿٢٨﴾

28. Sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah), at sa kanilang puso ay nakadarama ng katiwasayan sa pag-aala-ala kay Allah, katotohanan, sa pag-aala-ala kay Allah, ang mga puso ay nakasusumpong ng kapahingahan!

ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ طُوبَىٰ لَهُمْ وَحُسْنُ مَـَٔابٍ ﴿٢٩﴾

29. Sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah), at nagsisigawa ng kabutihan, sasakanila ang *Tuba* (ito ay nangangahulugan ng lahat ng uri ng kaligayahan o isang uri ng punongkahoy sa Paraiso), at isang magandang lugar (na patutunguhan) sa pagbabalik."

كَذَٰلِكَ أَرْسَلْنَٰكَ فِىٓ أُمَّةٍ قَدْ خَلَتْ مِن قَبْلِهَآ أُمَمٌ لِّتَتْلُوَا۟ عَلَيْهِمُ ٱلَّذِىٓ أَوْحَيْنَآ إِلَيْكَ وَهُمْ يَكْفُرُونَ بِٱلرَّحْمَٰنِ ۚ قُلْ هُوَ رَبِّى لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ عَلَيْهِ تَوَكَّلْتُ وَإِلَيْهِ مَتَابِ ﴿٣٠﴾

30. Kaya't ikaw (O Muhammad) ay isinugo Namin sa isang pamayanan na bago pa rito ay marami ng pamayanan ang pumanaw, upang iyong maipagturing sa kanila ang mga bagay na ipinahayag Namin sa iyo, habang sila ay hindi nananampalataya sa Pinakamaawain (Allah). Ipagbadya: "Siya ang aking Panginoon! *La ilaha illa Huwa* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya)! Sa Kanya ang aking pagtitiwala at sa Kanya ang aking pagbabalik ng may pagsisisi."

وَلَوْ أَنَّ قُرْءَانًا سُيِّرَتْ بِهِ ٱلْجِبَالُ أَوْ قُطِّعَتْ بِهِ ٱلْأَرْضُ أَوْ كُلِّمَ بِهِ ٱلْمَوْتَىٰ ۗ بَل لِّلَّهِ ٱلْأَمْرُ جَمِيعًا ۗ أَفَلَمْ يَاْيْـَٔسِ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ أَن لَّوْ يَشَآءُ ٱللَّهُ لَهَدَى ٱلنَّاسَ جَمِيعًا ۗ وَلَا يَزَالُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ تُصِيبُهُم بِمَا صَنَعُوا۟ قَارِعَةٌ أَوْ تَحُلُّ قَرِيبًا مِّن دَارِهِمْ حَتَّىٰ يَأْتِىَ وَعْدُ ٱللَّهِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يُخْلِفُ ٱلْمِيعَادَ ﴿٣١﴾

31. At kung nagkaroon man ng Qur'an na makapagpapagalaw sa mga kabundukan (sa kanilang kinalalagyan), o ang kalupaan ay mabiyak ng lansag-lansag, o ang patay ay magawang makapagsalita (ito ay wala ng iba maliban sa Qur'an na ito). Datapuwa't ang pagpapasya sa lahat ng bagay ay katotohanang (angkin) ni Allah. Hindi baga ang mga nananampalataya ay nakakaalam na kung ninais lamang ni Allah ay mapapatnubayan Niyang lahat ang buong sangkatauhan (upang

manampalataya)? At ang kalamidad ay hindi titigil sa pagsalanta sa mga hindi sumasampalataya dahilan sa kanilang kasamaan o (ang kalamidad) ay magiging malapit sa kanilang mga tahanan (lugar) hanggang ang pangako ni Allah ay matupad. Katotohanang si Allah ay hindi nakaliligta sa Kanyang Pangako.

وَلَقَدِ ٱسْتُهْزِئَ بِرُسُلٍ مِّن قَبْلِكَ فَأَمْلَيْتُ لِلَّذِينَ كَفَرُوا۟ ثُمَّ أَخَذْتُهُمْ ۖ فَكَيْفَ كَانَ عِقَابِ ﴿٣٢﴾

32. At katotohanang (marami ng) mga Sugo ang tinuya nang una pa sa iyo (O Muhammad), subalit Ako ay nagbigay ng palugit sa mga hindi sumasampalataya, at sa huli ay Aking pinarusahan sila. Kaya't gayon (katindi) ang Aking Kaparusahan!

أَفَمَنْ هُوَ قَآئِمٌ عَلَىٰ كُلِّ نَفْسٍۭ بِمَا كَسَبَتْ ۗ وَجَعَلُوا۟ لِلَّهِ شُرَكَآءَ ۚ قُلْ سَمُّوهُمْ ۚ أَمْ تُنَبِّـُٔونَهُۥ بِمَا لَا يَعْلَمُ فِى ٱلْأَرْضِ أَم بِظَـٰهِرٍ مِّنَ ٱلْقَوْلِ ۗ بَلْ زُيِّنَ لِلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مَكْرُهُمْ وَصُدُّوا۟ عَنِ ٱلسَّبِيلِ ۗ وَمَن يُضْلِلِ ٱللَّهُ فَمَا لَهُۥ مِنْ هَادٍ ﴿٣٣﴾

33. Siya ba (Allah) na namamahala (nagtutustos, nagkakaloob, nangangalaga) sa bawat tao (kaluluwa) at nakakaalam ng lahat niyang ginagawa ay katulad ng ibang (mga diyus-diyosan na walang nalalaman)? Gayunpaman, sila ay nagtataguri ng mga katambal kay Allah. Ipagbadya: "Ibigay ninyo ang kanilang mga pangalan o katangian! (Tunay nga, tiyak na sila ay walang anumang katangian ng pagka-Diyos). Ipapaalam ba ninyo sa Kanya ang bagay na hindi Niya nalalaman sa kalupaan, o ito kaya ay isa lamang pagpapamalas ng kasinungalingan." Datapuwa't sa mga hindi sumasampalataya, ang kanilang pakana (pagsasabi ng kabulaanan) at paghadlang sa Tamang Landas ay pinag-anyong nakalulugod (sa kanila ni Satanas), at kung sinuman ang hayaan ni Allah na maligaw, ay walang makapamamatnubay sa kanya.

لَهُمْ عَذَابٌ فِى ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا ۖ وَلَعَذَابُ ٱلْـَٔاخِرَةِ أَشَقُّ ۖ وَمَا لَهُم مِّنَ ٱللَّهِ مِن وَاقٍ ﴿٣٤﴾

34. Para sa kanila ay may kaparusahan sa buhay sa mundong ito, at katotohanang higit na mahirap ang kaparusahan sa Kabilang Buhay, at sila ay walang tagapagtanggol laban kay Allah.

مَّثَلُ ٱلْجَنَّةِ ٱلَّتِى وُعِدَ ٱلْمُتَّقُونَ ۖ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَـٰرُ ۖ أُكُلُهَا دَآئِمٌ وَظِلُّهَا ۚ تِلْكَ عُقْبَى ٱلَّذِينَ ٱتَّقَوا۟ ۖ وَّعُقْبَى ٱلْكَـٰفِرِينَ ٱلنَّارُ ﴿٣٥﴾

35. Ang paglalarawan sa Paraiso na ipinangako sa *Muttaqun* (mga matimtiman at matutuwid na mananampalataya kay Allah), (dito) ay may mga ilog na nagsisidaloy sa ibaba nito, ang pagkain (at mga panustos) dito ay hindi nasasaid, gayundin ang lilim nito (ay di nagbabawa), ito ang panghuling hantungan ng *Muttaqun*, at ang katapusan (panghuling hantungan) ng mga hindi sumasampalataya ay Apoy.

وَٱلَّذِينَ ءَاتَيْنَٰهُمُ ٱلْكِتَٰبَ يَفْرَحُونَ بِمَآ أُنزِلَ إِلَيْكَ ۖ وَمِنَ ٱلْأَحْزَابِ مَن يُنكِرُ بَعْضَهُۥ ۚ قُلْ إِنَّمَآ أُمِرْتُ أَنْ أَعْبُدَ ٱللَّهَ وَلَآ أُشْرِكَ بِهِۦٓ ۚ إِلَيْهِ أَدْعُوا۟ وَإِلَيْهِ مَـَٔابِ ﴿٣٦﴾

36. Sa kanila (mga nananampalataya na mga Hudyo) na Aming pinagkalooban ng Aklat (katulad ni Abdullah bin Salam at iba pang mga Hudyo na yumakap sa Islam), ay nagagalak sa anumang ipinahayag Namin sa iyo (alalaong baga, ang Qur'an), datapuwa't mayroong pangkat (mula sa mga Hudyo at pagano) ang nagtatakwil sa bahagi nito. Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay pinag-utusan lamang na tanging sumamba kay Allah at huwag magtambal (ng iba pang diyos) sa Kanya. Sa Kanya lamang ako dumadalangin at sa Kanya ang aking pagbabalik".

وَكَذَٰلِكَ أَنزَلْنَٰهُ حُكْمًا عَرَبِيًّا ۚ وَلَئِنِ ٱتَّبَعْتَ أَهْوَآءَهُم بَعْدَ مَا جَآءَكَ مِنَ ٱلْعِلْمِ ۙ مَا لَكَ مِنَ ٱللَّهِ مِن وَلِىٍّ وَلَا وَاقٍ ﴿٣٧﴾

37. Kaya't Aming ipinanaog sa kanya ito (ang Qur'an) sa (wikang) Arabik bilang Kapasyahan (Batas). At kung ikaw (O Muhammad) ay susunod sa kanilang (maimbot) na mga pagnanasa, matapos ang Kaalaman (Katotohanan) ay dumatal sa iyo, kung gayon, ikaw ay hindi magkakaroon ng anumang *Wali* (tagapangalaga) at *Waq* (tagapagtanggol) laban kay Allah.

وَلَقَدْ أَرْسَلْنَا رُسُلًا مِّن قَبْلِكَ وَجَعَلْنَا لَهُمْ أَزْوَٰجًا وَذُرِّيَّةً ۚ وَمَا كَانَ لِرَسُولٍ أَن يَأْتِىَ بِـَٔايَةٍ إِلَّا بِإِذْنِ ٱللَّهِ ۗ لِكُلِّ أَجَلٍ كِتَابٌ ﴿٣٨﴾

38. At katotohanang Kami ay nagsugo ng mga Sugo na nauna pa sa iyo (O Muhammad), at Aming ginawaran sila ng mga asawa at anak. At hindi isang katampatan sa isang Sugo na magdala siya ng Tanda maliban sa kapahintulutan ni Allah. Sa bawat pangyayari (pag-uutos) ay mayroong (nakatakdang) kapasyahan (mula kay Allah).

يَمْحُوا۟ ٱللَّهُ مَا يَشَآءُ وَيُثْبِتُ ۖ وَعِندَهُۥٓ أُمُّ ٱلْكِتَٰبِ ﴿٣٩﴾

39. Si Allah ang pumapawi (nagpapawalang-bisa) sa anumang (kapasyahan) na Kanyang maibigan at nagpapatibay sa (anumang Kanyang maibigan), at nasa Kanya ang Pinakadiwa ng Kasulatan (*Al-Lauh Al-Mahfuz*)[32] .

وَإِن مَّا نُرِيَنَّكَ بَعْضَ ٱلَّذِى نَعِدُهُمْ أَوْ نَتَوَفَّيَنَّكَ فَإِنَّمَا عَلَيْكَ ٱلْبَلَٰغُ وَعَلَيْنَا ٱلْحِسَابُ ﴿٤٠﴾

40. At maaaring ipamalas Namin sa iyo (O Muhammad) ang bahagi ng (kaparusahan) na Aming ipinangako sa kanila o ikaw ay hayaan Namin na mamatay (na ito ay hindi mo masaksihan), ang iyong tungkulin lamang ay upang ihatid sa kanila (ang Mensahe), at sa Amin ang pagtutuos (sa kanila).

[32] Ang Napapangalagaang Pisara (Tableta), na rito ay nakalimbag ang orihinal na pahayag ng bawat kasulatan na ipinahayag ni Allah.

أَوَلَمْ يَرَوْا۟ أَنَّا نَأْتِى ٱلْأَرْضَ نَنقُصُهَا مِنْ أَطْرَافِهَا ۚ وَٱللَّهُ يَحْكُمُ لَا مُعَقِّبَ لِحُكْمِهِۦ ۚ وَهُوَ سَرِيعُ ٱلْحِسَابِ ﴿٤١﴾

41. Hindi baga nila namamasdan na unti-unti Naming binabawasan ang lupain (ng mga hindi sumasampalataya, at ibinibigay sa mga sumasampalataya, sa kanilang pananagumpay sa digmaan), mula sa kanyang hangganan. At si Allah ang humahatol, wala ng iba pa ang makapipigil ng Kanyang hatol at Siya ay Maagap sa Pagtutuos.

وَقَدْ مَكَرَ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ فَلِلَّهِ ٱلْمَكْرُ جَمِيعًا ۖ يَعْلَمُ مَا تَكْسِبُ كُلُّ نَفْسٍ ۗ وَسَيَعْلَمُ ٱلْكُفَّٰرُ لِمَنْ عُقْبَى ٱلدَّارِ ﴿٤٢﴾

42. At katotohanan, ang mga tao na una pa sa kanila ay nagbalak ng mga pakana, datapuwa't ang lahat ng pagpaplano ay (angkin) ni Allah. Talastas Niya ang ginagawa ng bawat tao, at ang mga hindi sumasampalataya ay makakaalam kung sino ang magkakamit ng mainam na huling hantungan (Pangwakas na Tahanan).

وَيَقُولُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لَسْتَ مُرْسَلًا ۚ قُلْ كَفَىٰ بِٱللَّهِ شَهِيدًۢا بَيْنِى وَبَيْنَكُمْ وَمَنْ عِندَهُۥ عِلْمُ ٱلْكِتَٰبِ ﴿٤٣﴾

43. At sila na hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Ikaw (O Muhammad) ay hindi isang Sugo." Ipagbadya: "Sapat na bilang saksi sa pagitan natin si Allah, gayundin sa mga tao na may karunungan sa Kasulatan (katulad ni Abdullah bin Salam at iba pang mga Hudyo at Kristiyano na yumakap sa Islam)."

سُورَةُ إِبْرَاهِيمَ

Surah 14

Surat Ibrahim
(Propeta Abraham)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

الٓر ۚ كِتَٰبٌ أَنزَلْنَٰهُ إِلَيْكَ لِتُخْرِجَ ٱلنَّاسَ مِنَ ٱلظُّلُمَٰتِ إِلَى ٱلنُّورِ بِإِذْنِ رَبِّهِمْ إِلَىٰ صِرَٰطِ ٱلْعَزِيزِ ٱلْحَمِيدِ ﴿١﴾

1. Alif, Lam, Ra. (A, La, Ra. Ito ay mga titik sa wikang Arabik na tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

Ito ay isang Aklat na Aming ipinahayag sa iyo (O Muhammad) upang iyong mapatnubayan ang sangkatauhan mula sa kadiliman (kawalan ng pananalig at pagsamba sa mga diyus-diyosan) tungo sa liwanag (pananampalataya sa Kaisahan ni Allah) sa kapahintulutan ng

kanilang Panginoon tungo sa Landas ng Pinakamakapangyarihan, ang Nag-aangkin ng lahat ng mga Pagpupuri.

2. Si Allah ang nag-aangkin ng lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan! At kasawian sa mga hindi sumasampalataya sa (daratal na) matinding kaparusahan (sa kanila).

ٱللَّهِ ٱلَّذِى لَهُۥ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ ۗ وَوَيْلٌ لِّلْكَٰفِرِينَ مِنْ عَذَابٍ شَدِيدٍ ﴿٢﴾

3. Sila na higit na minamabuti ang buhay sa mundong ito kaysa sa Kabilang Buhay, at humahadlang (sa mga tao) sa Landas ni Allah (alalaong baga, sa Islam) at naghahanap ng kalikuan dito, - sila nga ang napaligaw nang malayo.

ٱلَّذِينَ يَسْتَحِبُّونَ ٱلْحَيَوٰةَ ٱلدُّنْيَا عَلَى ٱلْءَاخِرَةِ وَيَصُدُّونَ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ وَيَبْغُونَهَا عِوَجًا ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ فِى ضَلَٰلٍۭ بَعِيدٍ ﴿٣﴾

4. At hindi Kami nagsugo ng isang Sugo maliban sa wika ng kanyang pamayanan, upang kanyang maiparating (ang Mensahe) nang malinaw sa kanila. At si Allah ang nagliligaw sa sinumang Kanyang maibigan at namamatnubay sa sinumang Kanyang maibigan, at Siya ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakamaalam.

وَمَآ أَرْسَلْنَا مِن رَّسُولٍ إِلَّا بِلِسَانِ قَوْمِهِۦ لِيُبَيِّنَ لَهُمْ ۖ فَيُضِلُّ ٱللَّهُ مَن يَشَآءُ وَيَهْدِى مَن يَشَآءُ ۚ وَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٤﴾

5. At katotohanang isinugo Namin si Musa (Moises) na may dalang *Ayat* (mga tanda, katibayan, aral, kapahayagan) mula sa Amin (na nagsasabi): "Akayin mo ang iyong pamayanan mula sa kadiliman tungo sa liwanag, at iyong paalalahanan sila tungkol sa mga araw ni Allah (alalaong baga, mga araw ng biyaya na ipinagkaloob ni Allah sa Angkan ng Israel; gayundin, ito ay nangangahulugan ng mga araw ng kaparusahan at pagkawasak ng mga nanga-unang pamayanan o mga bansa). Tunay ngang sa mga ito ay mayroong mga katibayan (katotohanan at tanda) sa bawat mapagtiis at mapagpasalamat (na tao).

وَلَقَدْ أَرْسَلْنَا مُوسَىٰ بِـَٔايَٰتِنَآ أَنْ أَخْرِجْ قَوْمَكَ مِنَ ٱلظُّلُمَٰتِ إِلَى ٱلنُّورِ وَذَكِّرْهُم بِأَيَّىٰمِ ٱللَّهِ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَٰتٍ لِّكُلِّ صَبَّارٍ شَكُورٍ ﴿٥﴾

6. At (gunitain) nang sabihin ni Moises sa kanyang pamayanan: "Alalahanin ninyo ang mga kagandahang-loob (Biyaya) sa inyo ni Allah nang Kanyang iligtas kayo sa mga tao ni Paraon na nagbibigay sa inyo ng kahila-hilakbot na pagpaparusa at pumapatay sa inyong mga anak na lalaki at hinahayaan na buhay ang mga

وَإِذْ قَالَ مُوسَىٰ لِقَوْمِهِ ٱذْكُرُوا۟ نِعْمَةَ ٱللَّهِ عَلَيْكُمْ إِذْ أَنجَىٰكُم مِّنْ ءَالِ فِرْعَوْنَ يَسُومُونَكُمْ سُوٓءَ ٱلْعَذَابِ وَيُذَبِّحُونَ أَبْنَآءَكُمْ وَيَسْتَحْيُونَ نِسَآءَكُمْ ۚ وَفِى ذَٰلِكُم بَلَآءٌ مِّن رَّبِّكُمْ عَظِيمٌ ﴿٦﴾

babae (upang maging alipin), at sa mga ito ay may matinding pagsubok mula sa inyong Panginoon."

وَإِذْ تَأَذَّنَ رَبُّكُمْ لَئِن شَكَرْتُمْ لَأَزِيدَنَّكُمْ وَلَئِن كَفَرْتُمْ إِنَّ عَذَابِي لَشَدِيدٌ ﴿٧﴾

7. At (gunitain) nang ipahayag ng inyong Panginoon sa madla: "Kung kayo ay may utang na loob ng pasasalamat (sa pamamagitan ng pagtanggap sa Pananalig at pagsamba lamang kay Allah), kayo ay higit Kong pagkakalooban (ng Aking mga Biyaya), subalit kung kayo ay walang pasasalamat (alalaong baga, hindi sumasampalataya), katotohanan, ang Aking parusa ay tunay na matindi."

وَقَالَ مُوسَىٰ إِن تَكْفُرُوا أَنتُمْ وَمَن فِي الْأَرْضِ جَمِيعًا فَإِنَّ اللَّهَ لَغَنِيٌّ حَمِيدٌ ﴿٨﴾

8. At si Moises ay nagbadya: "Kung kayo ay hindi sasampalataya, kayo at ang lahat ng nasa kalupaan nang sama-sama, katotohanang si Allah ay Puspos ng Kasaganaan (hindi nangangailangan ng anuman), ang Karapat-dapat sa Lahat ng Pagpupuri.

أَلَمْ يَأْتِكُمْ نَبَؤُا الَّذِينَ مِن قَبْلِكُمْ قَوْمِ نُوحٍ وَعَادٍ وَثَمُودَ وَالَّذِينَ مِن بَعْدِهِمْ لَا يَعْلَمُهُمْ إِلَّا اللَّهُ جَاءَتْهُمْ رُسُلُهُم بِالْبَيِّنَاتِ فَرَدُّوا أَيْدِيَهُمْ فِي أَفْوَاهِهِمْ وَقَالُوا إِنَّا كَفَرْنَا بِمَا أُرْسِلْتُم بِهِ وَإِنَّا لَفِي شَكٍّ مِّمَّا تَدْعُونَنَا إِلَيْهِ مُرِيبٍ ﴿٩﴾

9. Hindi baga nakarating sa inyo ang kasaysayan ng mga tao na nauna sa inyo, ang mga Tao ni Noah, at ni A'ad, at ni Thamud? At ang mga sumunod sa kanila? Walang nakababatid sa kanila maliban kay Allah. Sa kanila ay dumatal ang kanilang mga Sugo na may taglay na maliwanag na katibayan, subalit inilalagay nila ang kanilang mga kamay sa kanilang bibig (kinakagat ang mga ito dahil sa galit) at nagsabi: "Katotohanang kami ay hindi naniniwala sa bagay na ipinadala sa inyo, at kami ay lubhang nag-aalinlangan sa bagay na kami ay inyong inaanyayahan (alalaong baga, ang pananampalataya sa Kaisahan ni Allah).

۞ قَالَتْ رُسُلُهُمْ أَفِي اللَّهِ شَكٌّ فَاطِرِ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ يَدْعُوكُمْ لِيَغْفِرَ لَكُم مِّن ذُنُوبِكُمْ وَيُؤَخِّرَكُمْ إِلَىٰ أَجَلٍ مُّسَمًّى قَالُوا إِنْ أَنتُمْ إِلَّا بَشَرٌ مِّثْلُنَا تُرِيدُونَ أَن تَصُدُّونَا عَمَّا كَانَ يَعْبُدُ آبَاؤُنَا فَأْتُونَا بِسُلْطَانٍ مُّبِينٍ ﴿١٠﴾

10. Ang kanilang mga Sugo ay nagbadya: "Ano! Mayroon pa ba kayang pag-aalinlangan tungkol kay Allah, ang Manlilikha ng mga kalangitan at kalupaan? Kanyang tinatawagan kayo (sa Islam, at maging masunurin kay Allah) upang kayo ay Kanyang patawarin sa inyong mga kasalanan at bigyan kayo ng palugit sa natatakdaang araw." Sila ay nagsabi: "Kayo ay mga tao lamang na katulad namin! Ninanais ninyong talikdan namin ang sinasamba noon pa ng aming mga ninuno. Kung gayon, dalhin ninyo sa amin ang

maliwanag na Tanda (alalaong baga, ang malinaw na katibayan sa inyong sinasabi)."

قَالَتْ لَهُمْ رُسُلُهُمْ إِن نَّحْنُ إِلَّا بَشَرٌ مِّثْلُكُمْ وَلَٰكِنَّ ٱللَّهَ يَمُنُّ عَلَىٰ مَن يَشَآءُ مِنْ عِبَادِهِۦ ۖ وَمَا كَانَ لَنَآ أَن نَّأْتِيَكُم بِسُلْطَٰنٍ إِلَّا بِإِذْنِ ٱللَّهِ ۚ وَعَلَى ٱللَّهِ فَلْيَتَوَكَّلِ ٱلْمُؤْمِنُونَ ﴿١١﴾

11. Ang kanilang mga Sugo ay nagsabi sa kanila: "[Tunay ngang] kami ay mga tao lamang na katulad ninyo, datapuwa't si Allah ang nagkakaloob ng Kanyang pagpapala (ang pagkahirang nila bilang mga Propeta) sa sinumang Kanyang maibigan sa Kanyang mga alipin. Wala sa amin ang kapamahalaan na dalhin sa inyo ang Tanda (katibayan) maliban sa kapahintulutan ni Allah. At kay Allah (lamang) dapat magtiwala ang mga sumasampalataya.

وَمَا لَنَآ أَلَّا نَتَوَكَّلَ عَلَى ٱللَّهِ وَقَدْ هَدَىٰنَا سُبُلَنَا ۚ وَلَنَصْبِرَنَّ عَلَىٰ مَآ ءَاذَيْتُمُونَا ۚ وَعَلَى ٱللَّهِ فَلْيَتَوَكَّلِ ٱلْمُتَوَكِّلُونَ ﴿١٢﴾

12. At bakit hindi namin ilalagay ang aming pagtitiwala kay Allah samantalang Siya ay katotohanang namatnubay sa amin (tungo sa tamang) Landas. At katiyakang kami ay magbabata ng may pagtitiyaga sa lahat ng inyong ginagawang pasakit sa amin, at kay Allah (lamang) dapat magtiwala (ang mga nananampalataya) na may pagtitiwala (sa Kanya)."

وَقَالَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لِرُسُلِهِمْ لَنُخْرِجَنَّكُم مِّنْ أَرْضِنَآ أَوْ لَتَعُودُنَّ فِى مِلَّتِنَا ۖ فَأَوْحَىٰٓ إِلَيْهِمْ رَبُّهُمْ لَنُهْلِكَنَّ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿١٣﴾

13. At sila na hindi sumasampalataya ay nagsabi sa kanilang mga Sugo: "Katotohanang kayo ay itataboy namin (palayo) sa aming bayan, o kayo ay magbabalik sa aming pananampalataya." Kaya't ang kanilang Panginoon ay nagpahayag sa kanila: "Katotohanan, Aming wawasakin ang *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kabuktutan, walang pananalig).

وَلَنُسْكِنَنَّكُمُ ٱلْأَرْضَ مِنۢ بَعْدِهِمْ ۚ ذَٰلِكَ لِمَنْ خَافَ مَقَامِى وَخَافَ وَعِيدِ ﴿١٤﴾

14. At katotohanan, Aming hahayaan kayo na manahan sa kanilang bayan pagkaraan nila. Ito ay para sa kanya na may pagkatakot (na tumindig) sa Aking harapan (sa Araw ng Muling Pagkabuhay), at gayundin, ang may pangangamba sa Aking banta (kaparusahan)."

وَٱسْتَفْتَحُوا۟ وَخَابَ كُلُّ جَبَّارٍ عَنِيدٍ ﴿١٥﴾

15. At sila (ang mga Sugo) ay nanikluhod ng tagumpay at tulong (mula sa kanilang Panginoong Allah), at (katotohanang) nawasak (sinakmal ng parusa) ang bawat suwail, (at palalong diktador) na tumatangging maniwala sa Kaisahan ni Allah.

مِّن وَرَآئِهِۦ جَهَنَّمُ وَيُسْقَىٰ مِن مَّآءٍ

16. Sa harapan niya (ang bawat suwail at

palalong diktador) ay Impiyerno, at siya ay paiinumin (dito) ng pinagnanaang tubig (na kumatas sa nagnanaknak na mga balat ng mga nananahan sa Impiyerno).

صَدِيدٍ ﴿١٦﴾

17. Iinumin niya ito nang laban sa kanyang kalooban, at makadarama siya ng matinding kahirapan sa paglunok nito pababa sa kanyang lalamunan, at ang kamatayan ay daratal sa kanya sa bawat panig; gayunpaman, siya ay hindi mamamatay at sa harapan niya ay may matinding pagpaparusa.

يَتَجَرَّعُهُۥ وَلَا يَكَادُ يُسِيغُهُۥ وَيَأْتِيهِ ٱلْمَوْتُ مِن كُلِّ مَكَانٍ وَمَا هُوَ بِمَيِّتٍ ۖ وَمِن وَرَآئِهِۦ عَذَابٌ غَلِيظٌ ﴿١٧﴾

18. Ang kahalintulad nga ng mga hindi sumasampalataya sa kanilang Panginoon; ang kanilang mga gawa ay tulad ng abo, na hinipan ng humahagupit na hangin sa araw na bumabagyo, sila ay hindi maaaring makakuha ng anuman sa bagay na kanilang kinita (alalaong baga, sila ay walang mapapakinabangan sa anumang kanilang ginawang kabutihan dito sa mundo sa Araw ng Paghuhukom). Ito ang pagkaligaw na lubhang malayo (sa Matuwid na Landas).

مَّثَلُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ بِرَبِّهِمْ ۖ أَعْمَٰلُهُمْ كَرَمَادٍ ٱشْتَدَّتْ بِهِ ٱلرِّيحُ فِى يَوْمٍ عَاصِفٍ ۖ لَّا يَقْدِرُونَ مِمَّا كَسَبُوا۟ عَلَىٰ شَىْءٍ ۚ ذَٰلِكَ هُوَ ٱلضَّلَٰلُ ٱلْبَعِيدُ ﴿١٨﴾

19. Hindi baga ninyo napagmamalas na nilikha ni Allah ang mga kalangitan at kalupaan sa Katotohanan! Kung Kanyang naisin, kayo ay matatanggal Niya at maipapalit (sa halip ninyo) ang ibang nilikha!

أَلَمْ تَرَ أَنَّ ٱللَّهَ خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ بِٱلْحَقِّ ۚ إِن يَشَأْ يُذْهِبْكُمْ وَيَأْتِ بِخَلْقٍ جَدِيدٍ ﴿١٩﴾

20. At para kay Allah, ito ay hindi mahirap o mabigat (alalaong baga, tunay na lubhang magaan para sa Kanya).

وَمَا ذَٰلِكَ عَلَى ٱللَّهِ بِعَزِيزٍ ﴿٢٠﴾

21. At silang lahat ay tatambad sa harapan ni Allah (sa Araw ng Muling Pagkabuhay), at ang mahihina (mga ligaw na tagasunod) ay mangungusap sa mga palalong (pinuno): "Katotohanan, aming sinunod kayo, kami ba ay matutulungan ninyo kahit na ano lamang (upang makatighaw) sa kaparusahan ni Allah?" Sila (ang mga pinuno) ay magsasabi: "Kung kami ay pinatnubayan ni Allah, kayo sana ay aming napatnubayan. Ito ay pare-pareho na lamang sa atin (ngayon) kung tayo man ay mapoot o magbata (ng mga parusang ito) ng may pagtitiis, (sapagka't) tayo ay wala ng kaligtasan."

وَبَرَزُوا۟ لِلَّهِ جَمِيعًا فَقَالَ ٱلضُّعَفَٰٓؤُا۟ لِلَّذِينَ ٱسْتَكْبَرُوٓا۟ إِنَّا كُنَّا لَكُمْ تَبَعًا فَهَلْ أَنتُم مُّغْنُونَ عَنَّا مِنْ عَذَابِ ٱللَّهِ مِن شَىْءٍ ۚ قَالُوا۟ لَوْ هَدَىٰنَا ٱللَّهُ لَهَدَيْنَٰكُمْ ۖ سَوَآءٌ عَلَيْنَآ أَجَزِعْنَآ أَمْ صَبَرْنَا مَا لَنَا مِن مَّحِيصٍ ﴿٢١﴾

وَقَالَ ٱلشَّيْطَٰنُ لَمَّا قُضِيَ ٱلْأَمْرُ إِنَّ ٱللَّهَ وَعَدَكُمْ وَعْدَ ٱلْحَقِّ وَوَعَدتُّكُمْ فَأَخْلَفْتُكُمْ ۖ وَمَا كَانَ لِيَ عَلَيْكُم مِّن سُلْطَٰنٍ إِلَّآ أَن دَعَوْتُكُمْ فَٱسْتَجَبْتُمْ لِي ۖ فَلَا تَلُومُونِي وَلُومُوٓا۟ أَنفُسَكُم ۖ مَّآ أَنَا۠ بِمُصْرِخِكُمْ وَمَآ أَنتُم بِمُصْرِخِيَّ ۖ إِنِّي كَفَرْتُ بِمَآ أَشْرَكْتُمُونِ مِن قَبْلُ ۗ إِنَّ ٱلظَّٰلِمِينَ لَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٢٢﴾

22. At si Satanas ay mangungusap kapag ang Kahatulan ay napagpasyahan na: "Tunay ngang si Allah ay nangako sa inyo ng pangako ng Katotohanan. At ako rin ay nangako sa inyo, nguni't aking ipinagkaluno kayo. At ako ay walang kapangyarihan sa inyo, maliban na kayo ay aking inakit, at kayo ay sumunod sa akin. Kaya't ako ay huwag ninyong sisihin, bagkus ay sisihin ninyo ang inyong sarili. Kayo ay hindi ko matutulungan, gayundin, ako ay hindi ninyo matutulungan. Itinatanggi ko ang inyong ginawang pagtatambal sa akin (Satanas) kay Allah (sa pamamagitan ng pagsunod ninyo sa akin noon sa makamundong buhay). Katotohanang may kasakit-sakit na kaparusahan sa *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kabuktutan, walang pananalig)."

وَأُدْخِلَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ جَنَّٰتٍ تَجْرِي مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَا بِإِذْنِ رَبِّهِمْ ۖ تَحِيَّتُهُمْ فِيهَا سَلَٰمٌ ﴿٢٣﴾

23. At sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah, sa Kanyang mga Sugo at sa kanilang Mensahe) at nagsigawa ng kabutihan ay hahayaan na magsipasok sa mga Halamanan (Paraiso) na sa ilalim nito ay may mga batis na nagsisidaloy, - upang manahan dito magpakailanman, ng may kapahintulutan ng kanilang Panginoon. Ang kanilang pagbati rito ay *Salam* (Kapayapaan!).

أَلَمْ تَرَ كَيْفَ ضَرَبَ ٱللَّهُ مَثَلًا كَلِمَةً طَيِّبَةً كَشَجَرَةٍ طَيِّبَةٍ أَصْلُهَا ثَابِتٌ وَفَرْعُهَا فِى ٱلسَّمَآءِ ﴿٢٤﴾

24. Hindi mo ba napagmamalas kung paano inihahambing ni Allah ang isang magandang salita (ang *La ilaha illallah* [Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah]) sa isang magandang punongkahoy, na ang mga ugat ay matatag na nakakabit (sa lupa), at ang kanyang mga sanga ay (umaabot) sa alapaap (alalaong baga, lubhang napakataas),

تُؤْتِىٓ أُكُلَهَا كُلَّ حِينٍۭ بِإِذْنِ رَبِّهَا ۗ وَيَضْرِبُ ٱللَّهُ ٱلْأَمْثَالَ لِلنَّاسِ لَعَلَّهُمْ يَتَذَكَّرُونَ ﴿٢٥﴾

25. Na nagbibigay ng kanyang bunga sa lahat ng panahon, sa kapahintulutan ng Kanyang Panginoon. Si Allah ay nagbibigay ng mga paghahambing (mga paliwanag) sa sangkatauhan upang sila ay makaala-ala.

وَمَثَلُ كَلِمَةٍ خَبِيثَةٍ كَشَجَرَةٍ خَبِيثَةٍ ٱجْتُثَّتْ مِن فَوْقِ ٱلْأَرْضِ مَا لَهَا مِن قَرَارٍ ﴿٢٦﴾

26. At ang kahalintulad ng isang masamang salita (ang kawalan ng pananalig kay Allah) ay katulad ng isang masamang punongkahoy na nabunot (ang mga ugat) sa ibabaw ng lupa; na walang katatagan.

يُثَبِّتُ ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ بِٱلْقَوْلِ ٱلثَّابِتِ فِى ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا وَفِى ٱلْـَٔاخِرَةِ ۖ وَيُضِلُّ ٱللَّهُ ٱلظَّٰلِمِينَ ۚ وَيَفْعَلُ ٱللَّهُ مَا يَشَآءُ ﴿٢٧﴾

27. Si Allah ang magpapatatag sa mga sumasampalataya sa pamamagitan ng (pagpapahayag ng *La ilaha illallah* [Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah]), salitang matatag (dito) sa mundo (alalaong baga, sila ay magpapatuloy sa pagsamba lamang kay Allah at wala ng iba), at gayundin sa Kabilang Buhay. At hahayaan ni Allah na maligaw ang *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kabuktutan, walang pananalig), at si Allah ay gumagawa ng Kanyang naisin.

۞ أَلَمْ تَرَ إِلَى ٱلَّذِينَ بَدَّلُوا۟ نِعْمَتَ ٱللَّهِ كُفْرًا وَأَحَلُّوا۟ قَوْمَهُمْ دَارَ ٱلْبَوَارِ ﴿٢٨﴾

28. Hindi mo ba napagmamalas sila na ipinagpalit ang mga Pagpapala (Biyaya) ni Allah sa kawalan ng pananampalataya (sa pamamagitan ng pagtatakwil kay Propeta Muhammad at sa kanyang Mensahe ng Islam), at nagpahamak sa kanilang mga tao upang manahan sa Tahanan ng Pagkawasak (Kaparusahan)?

جَهَنَّمَ يَصْلَوْنَهَا ۖ وَبِئْسَ ٱلْقَرَارُ ﴿٢٩﴾

29. (Sa) Impiyerno, kung saan sila ay susunugin, - ang isang pagkasama-samang lugar upang panahanan!

وَجَعَلُوا۟ لِلَّهِ أَندَادًا لِّيُضِلُّوا۟ عَن سَبِيلِهِۦ ۗ قُلْ تَمَتَّعُوا۟ فَإِنَّ مَصِيرَكُمْ إِلَى ٱلنَّارِ ﴿٣٠﴾

30. At sila ay nagbigay ng mga katambal kay Allah upang iligaw (ang mga tao) sa Kanyang Landas! Ipagbadya: "Magsipagsaya kayo (sa inyong maigsing buhay)! Sapagka't katotohanan, ang inyong hantungan ay (Apoy) ng Impiyerno!"

قُل لِّعِبَادِىَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ يُقِيمُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ وَيُنفِقُوا۟ مِمَّا رَزَقْنَٰهُمْ سِرًّا وَعَلَانِيَةً مِّن قَبْلِ أَن يَأْتِىَ يَوْمٌ لَّا بَيْعٌ فِيهِ وَلَا خِلَٰلٌ ﴿٣١﴾

31. Ipagbadya mo (O Muhammad) sa Aking mga alipin na nagsisampalataya, na sila ay marapat na mag-alay ng *Salah* (ang takdang pagdarasal sa Islam) nang mahinusay at gumugol sa kawanggawa mula sa panustos na ipinagkaloob Namin sa kanila, nang lingid at lantad, bago dumating ang Araw na roon ay walang pakikipagtawaran (alalaong baga, pantubos o bayad), gayundin (hindi makatutulong) ang pakikipagkaibigan.

ٱللَّهُ ٱلَّذِى خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ وَأَنزَلَ مِنَ ٱلسَّمَآءِ مَآءً فَأَخْرَجَ بِهِۦ مِنَ ٱلثَّمَرَٰتِ رِزْقًا لَّكُمْ ۖ وَسَخَّرَ لَكُمُ ٱلْفُلْكَ لِتَجْرِىَ فِى ٱلْبَحْرِ بِأَمْرِهِۦ ۖ وَسَخَّرَ لَكُمُ ٱلْأَنْهَٰرَ ﴿٣٢﴾

32. Si Allah ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan at nagpamalisbis ng tubig (ulan) mula sa alapaap, at dito ay nagpasibol (Siya) ng mga bungangkahoy bilang pagkain (na ikabubuhay) ninyo, at ipinailalim Niya sa inyong (kapamahalaan) ang mga barko upang kayo ay makapaglayag sa dagat sa pamamagitan ng

Kanyang pag-uutos, at ipinailalim Niya sa inyong (kapamahalaan) ang mga ilog (upang makatulong sa inyo).

وَسَخَّرَ لَكُمُ ٱلشَّمْسَ وَٱلْقَمَرَ دَآئِبَيْنِ ۖ وَسَخَّرَ لَكُمُ ٱلَّيْلَ وَٱلنَّهَارَ ﴿٣٣﴾

33. At ipinailalim Niya sa inyong (kapamahalaan) ang araw at buwan, na kapwa patuloy na umiinog sa kanilang landas (upang makatulong sa inyo), at ipinailalim Niya sa inyong (kapamahalaan) ang gabi at araw (upang maging kapakinabangan sa inyo).

وَءَاتَىٰكُم مِّن كُلِّ مَا سَأَلْتُمُوهُ ۚ وَإِن تَعُدُّوا۟ نِعْمَتَ ٱللَّهِ لَا تُحْصُوهَآ ۗ إِنَّ ٱلْإِنسَٰنَ لَظَلُومٌ كَفَّارٌ ﴿٣٤﴾

34. At ibinigay Niya sa inyo ang lahat ng inyong hinihingi (kahilingan), at kung inyong bibilangin ang mga Pagpapala (Biyaya) ni Allah, kailanman ay hindi ninyo ito magagawang bilangin. Katotohanan! (Karaniwang) ang tao ay lubhang di-makatarungan (sa kanyang sarili) at walang pagtingin ng utang na loob ng pasasalamat (hindi sumasampalataya at nagtatakwil sa mga biyaya ni Allah).

وَإِذْ قَالَ إِبْرَٰهِيمُ رَبِّ ٱجْعَلْ هَٰذَا ٱلْبَلَدَ ءَامِنًا وَٱجْنُبْنِى وَبَنِىَّ أَن نَّعْبُدَ ٱلْأَصْنَامَ ﴿٣٥﴾

35. At alalahanin nang manikluhod si Abraham: "O aking Panginoon! Gawin Ninyo ang lungsod na ito (Makkah) na maging isang lugar ng kapayapaan at katiwasayan, at Inyong iadya ako at ang aking mga anak sa pagsamba sa mga diyus-diyosan.

رَبِّ إِنَّهُنَّ أَضْلَلْنَ كَثِيرًا مِّنَ ٱلنَّاسِ ۖ فَمَن تَبِعَنِى فَإِنَّهُۥ مِنِّى ۖ وَمَنْ عَصَانِى فَإِنَّكَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٣٦﴾

36. O aking Panginoon! Katotohanang iniligaw nila ang karamihan sa sangkatauhan. Datapuwa't sinumang sumunod sa akin, katotohanang siya ay nasa aking pananampalataya. At sinumang sumuway sa akin, - tunay na Kayo (Allah) pa rin ang Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

رَّبَّنَآ إِنِّىٓ أَسْكَنتُ مِن ذُرِّيَّتِى بِوَادٍ غَيْرِ ذِى زَرْعٍ عِندَ بَيْتِكَ ٱلْمُحَرَّمِ ۙ رَبَّنَا لِيُقِيمُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ فَٱجْعَلْ أَفْـِٔدَةً مِّنَ ٱلنَّاسِ تَهْوِىٓ إِلَيْهِمْ وَٱرْزُقْهُم مِّنَ ٱلثَّمَرَٰتِ لَعَلَّهُمْ يَشْكُرُونَ ﴿٣٧﴾

37. O aming Panginoon! Hinayaan ko ang iba sa aking mga anak na manirahan sa lambak na walang pananim, sa Inyong Sagradong Tahanan (ang *Ka'ba* sa Makkah), upang sa gayon, O aking Panginoon, na sila ay magsipag-alay ng *Salah* (takdang panalangin nang mahinusay), kaya't Inyong gawaran ang puso ng ibang tao na may pagmamahal tungo sa kanila, at (O Allah) Inyong pagkalooban sila ng mga bungangkahoy upang sila ay magbigay ng pasasalamat.

رَبَّنَآ إِنَّكَ تَعْلَمُ مَا نُخْفِى وَمَا نُعْلِنُ ۗ وَمَا يَخْفَىٰ

38. O aming Panginoon! Katotohanang batid

Ninyo kung ano ang aming ikinukubli at kung ano ang aming inilalantad. Walang anuman sa mga kalangitan at kalupaan ang nalilingid kay Allah.

عَلَى ٱللَّهِ مِن شَىْءٍ فِى ٱلْأَرْضِ وَلَا فِى ٱلسَّمَآءِ ﴿٣٨﴾

39. Ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay kay Allah, na nagkaloob sa akin sa panahon ng aking katandaan kay Ismail at Isaac. Katotohanan, ang aking Panginoon ang Lubos na Dumirinig ng lahat ng mga panalangin.

ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ ٱلَّذِى وَهَبَ لِى عَلَى ٱلْكِبَرِ إِسْمَٰعِيلَ وَإِسْحَٰقَ ۚ إِنَّ رَبِّى لَسَمِيعُ ٱلدُّعَآءِ ﴿٣٩﴾

40. O aking Panginoon, Inyong gawin ako na laging nag-aalay ng *Salah* (takdang panalangin nang mahinusay) at gayundin ang aking mga anak, at Inyong tanggapin, O aking Panginoon, ang aking panambitan.

رَبِّ ٱجْعَلْنِى مُقِيمَ ٱلصَّلَوٰةِ وَمِن ذُرِّيَّتِى ۚ رَبَّنَا وَتَقَبَّلْ دُعَآءِ ﴿٤٠﴾

41. O aming Panginoon! Inyong patawarin ako at ang aking mga magulang at ang lahat ng mga sumasampalataya sa Araw na ang Pagtutuos ay isasagawa."

رَبَّنَا ٱغْفِرْ لِى وَلِوَٰلِدَىَّ وَلِلْمُؤْمِنِينَ يَوْمَ يَقُومُ ٱلْحِسَابُ ﴿٤١﴾

42. Huwag ninyong akalain na si Allah ay hindi nakababatid ng mga ginagawa ng *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kabuktutan, walang pananalig), datapuwa't Kanyang binibigyan sila ng palugit hanggang sa Araw na ang mga mata ay tititig sa pagkagimbal (sa Araw ng Paghuhukom).

وَلَا تَحْسَبَنَّ ٱللَّهَ غَٰفِلًا عَمَّا يَعْمَلُ ٱلظَّٰلِمُونَ ۚ إِنَّمَا يُؤَخِّرُهُمْ لِيَوْمٍ تَشْخَصُ فِيهِ ٱلْأَبْصَٰرُ ﴿٤٢﴾

43. Sila ay humahangos (sa kanilang) unahan na ang mga leeg ay nakahindig, ang kanilang ulo ay nakatuon sa itaas (sa alapaap), ang kanilang paningin ay hindi bumabalik tungo sa kanila at ang kanilang puso ay hungkag (sa pag-iisip, dahilan sa matinding pagkatakot).

مُهْطِعِينَ مُقْنِعِى رُءُوسِهِمْ لَا يَرْتَدُّ إِلَيْهِمْ طَرْفُهُمْ ۖ وَأَفْـِٔدَتُهُمْ هَوَآءٌ ﴿٤٣﴾

44. At iyong bigyang-babala (O Muhammad) ang sangkatauhan sa Araw na ang kaparusahan ay sasapit sa kanila; at ang *Zalimun* (mga buktot) ay magsasabi: "O aming Panginoon! Inyong palugitan kami ng ilang sandali, kami ay tutugon sa Inyong panawagan at susunod sa Inyong mga Sugo!" (Dito ay ipagbabadya sa kanila): "Hindi baga kayo ay nagsisumpa noon na kayo ay hindi na mamamatay (alalaong baga, hindi na magwawakas ang inyong pamumuhay dito sa lupa)?"

وَأَنذِرِ ٱلنَّاسَ يَوْمَ يَأْتِيهِمُ ٱلْعَذَابُ فَيَقُولُ ٱلَّذِينَ ظَلَمُوا۟ رَبَّنَآ أَخِّرْنَآ إِلَىٰٓ أَجَلٍ قَرِيبٍ نُّجِبْ دَعْوَتَكَ وَنَتَّبِعِ ٱلرُّسُلَ ۗ أَوَلَمْ تَكُونُوٓا۟ أَقْسَمْتُم مِّن قَبْلُ مَا لَكُم مِّن زَوَالٍ ﴿٤٤﴾

وَسَكَنتُمْ فِي مَسَٰكِنِ ٱلَّذِينَ ظَلَمُوٓا۟ أَنفُسَهُمْ وَتَبَيَّنَ لَكُمْ كَيْفَ فَعَلْنَا بِهِمْ وَضَرَبْنَا لَكُمُ ٱلْأَمْثَالَ ﴿٤٥﴾

45. At nagsipanirahan kayo sa mga tirahan ng mga tao na nagpariwara (nagligaw) sa kanilang sarili, at ito ay maliwanag sa inyo kung paano Namin pinakitunguhan (o pinarusahan) sila. At inihantad Namin sa inyo ang maraming paghahambing (halimbawa).

وَقَدْ مَكَرُوا۟ مَكْرَهُمْ وَعِندَ ٱللَّهِ مَكْرُهُمْ وَإِن كَانَ مَكْرُهُمْ لِتَزُولَ مِنْهُ ٱلْجِبَالُ ﴿٤٦﴾

46. Katotohanang binalak nila ang kanilang plano, at ang kanilang pagbabalak ay nababatid ni Allah, kahima't ang kanilang pagpaplano ay (isang) matinding plano, (gayunpaman), ito ay hindi makapagpapaalis sa kabundukan (mga tunay na bundok) sa kanilang kinalalagyan (sapagkat ito ay walang halaga)[33] .

فَلَا تَحْسَبَنَّ ٱللَّهَ مُخْلِفَ وَعْدِهِۦ رُسُلَهُۥٓ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ عَزِيزٌ ذُو ٱنتِقَامٍ ﴿٤٧﴾

47. Kaya't huwag ninyong akalain na si Allah ay hindi tutupad sa Kanyang Pangako sa Kanyang mga Sugo. Katotohanang si Allah ang Pinakamakapangyarihan, ang Ganap na Makagagawa ng lahat ng Ganti (Kabayaran).

يَوْمَ تُبَدَّلُ ٱلْأَرْضُ غَيْرَ ٱلْأَرْضِ وَٱلسَّمَٰوَٰتُ ۖ وَبَرَزُوا۟ لِلَّهِ ٱلْوَٰحِدِ ٱلْقَهَّارِ ﴿٤٨﴾

48. Sa Araw na ang kalupaan ay mapapalitan ng ibang kalupaan, at gayundin ang mga kalangitan, at ang lahat (ng mga nilikha) ay tatambad sa harapan ni Allah, ang Tanging Isa, ang Hindi Mapapangibabawan.

وَتَرَى ٱلْمُجْرِمِينَ يَوْمَئِذٍ مُّقَرَّنِينَ فِي ٱلْأَصْفَادِ ﴿٤٩﴾

49. At iyong mapagmamalas ang *Mujrimun* (mga buktot, buhong, hindi sumasampalataya sa Kaisahan ni Allah, mapagsamba sa mga diyus-diyosan), sa Araw na yaon ay nagagapos ng tanikala ang kanilang mga paa at kamay nang sama-sama at nakakabit sa kanilang leeg.

سَرَابِيلُهُم مِّن قَطِرَانٍ وَتَغْشَىٰ وُجُوهَهُمُ ٱلنَّارُ ﴿٥٠﴾

50. Ang kanilang kasuutan (ay babahiran) ng alkitran (aspalto) at ang apoy ay babalot sa kanilang mukha,

لِيَجْزِيَ ٱللَّهُ كُلَّ نَفْسٍ مَّا كَسَبَتْ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ سَرِيعُ ٱلْحِسَابِ ﴿٥١﴾

51. Upang si Allah ay magbigay-ganti sa bawat tao ayon sa kanyang ginawa. Katotohanang si Allah ay Maagap sa Pagsusulit.

هَٰذَا بَلَٰغٌ لِّلنَّاسِ وَلِيُنذَرُوا۟ بِهِۦ وَلِيَعْلَمُوٓا۟ أَنَّمَا هُوَ إِلَٰهٌ وَٰحِدٌ وَلِيَذَّكَّرَ أُو۟لُوا۟ ٱلْأَلْبَٰبِ ﴿٥٢﴾

52. Ito (ang Qur'an) ay isang Mensahe sa sangkatauhan (at isang maliwanag na katibayan laban sa kanila), upang sila ay mababalaan sa gayong paraan at upang kanilang mapag-alaman na Siya lamang ang Tanging Nag-iisang Diyos (Allah), at upang ang mga tao na may pang-unawa ay makaala-ala.

---

[33] Sinasabi ng ibang mga tagapagpaliwanag tungkol sa talatang ito, na ang mga paganong *Quraish* ay nagbalak nang laban kay Propeta Muhammad na patayin siya datapuwa't sila ay nabigo na gawin ang kanilang pakay na kanilang binalak.



Surah 15

Surat Al-Hijr
(Ang Mabatong Daan)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

الٓرٓ ۚ تِلْكَ ءَايَٰتُ ٱلْكِتَٰبِ وَقُرْءَانٍ مُّبِينٍ ﴿١﴾

1. Alif, Lam, Ra. (A, La, Ra. Ito ay mga titik sa wikang Arabik na tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

Ito ang mga Talata ng Aklat, at isang maliwanag na Qur'an.

رُّبَمَا يَوَدُّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لَوْ كَانُوا۟ مُسْلِمِينَ ﴿٢﴾

2. Marahil ang mga hindi sumasampalataya ay nagnanais na sila sana ay naging mga Muslim (sila na nagsuko ng kanilang sarili sa Kalooban ni Allah, sa pananampalataya sa Kanyang Kaisahan, sa Araw ng Muling Pagkabuhay, [nang kanilang napagmalas ang mga nagkasalang Muslim na papalabas na sa Impiyerno patungo sa Paraiso]).

ذَرْهُمْ يَأْكُلُوا۟ وَيَتَمَتَّعُوا۟ وَيُلْهِهِمُ ٱلْأَمَلُ فَسَوْفَ يَعْلَمُونَ ﴿٣﴾

3. Hayaan sila na kumain at magpakasaya, at (hayaan sila) na maging abala (sa huwad) na pag-asa. Katiyakang ito ay kanilang mapag-aalaman!

وَمَآ أَهْلَكْنَا مِن قَرْيَةٍ إِلَّا وَلَهَا كِتَابٌ مَّعْلُومٌ ﴿٤﴾

4. At hindi Namin winasak ang isang bayan malibang may nakatakdang kautusan tungkol dito.

مَّا تَسْبِقُ مِنْ أُمَّةٍ أَجَلَهَا وَمَا يَسْتَـْٔخِرُونَ ﴿٥﴾

5. Walang bansa (pamayanan) ang makakaasam (ng natataningang panahon) na ito ay mauna, o maantala kaya.

وَقَالُوا۟ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِى نُزِّلَ عَلَيْهِ ٱلذِّكْرُ إِنَّكَ لَمَجْنُونٌ ﴿٦﴾

6. At sila ay nagsasabi: "Ikaw (O Muhammad) na pinagpahayagan ng *Dhikr* (ang Qur'an), katotohanang ikaw ay isang baliw.

لَّوْ مَا تَأْتِينَا بِٱلْمَلَٰٓئِكَةِ إِن كُنتَ مِنَ ٱلصَّٰدِقِينَ ﴿٧﴾

7. Bakit hindi ka magpadala ng mga anghel sa amin kung ikaw ay isa sa mga nagsasabi ng katotohanan."

مَا نُنَزِّلُ ٱلْمَلَٰٓئِكَةَ إِلَّا بِٱلْحَقِّ وَمَا كَانُوٓا۟ إِذًا مُّنظَرِينَ ﴿٨﴾

8. Hindi Namin isinusugo ang mga anghel maliban na sila ay may dalang katotohanan (alalaong baga, tungkol sa kaparusahan), at sa

gayong pangyayari (kalagayan), sila (ang mga hindi sumasampalataya) ay hindi bibigyan ng palugit!

إِنَّا نَحْنُ نَزَّلْنَا ٱلذِّكْرَ وَإِنَّا لَهُۥ لَحَٰفِظُونَ ﴿٩﴾

9. Katotohanang Kami ang nagpapanaog ng *Dhikr* (ang Qur'an) at buong katiyakan na ito ay Aming pangangalagaan laban sa kabulukan (at katiwalian).

وَلَقَدْ أَرْسَلْنَا مِن قَبْلِكَ فِى شِيَعِ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿١٠﴾

10. At katotohanang nagsugo Kami ng mga Sugo na una pa sa iyo (O Muhammad) sa lipon ng mga sekta (mga pamayanan) noong panahong sinauna.

وَمَا يَأْتِيهِم مِّن رَّسُولٍ إِلَّا كَانُوا۟ بِهِۦ يَسْتَهْزِءُونَ ﴿١١﴾

11. At walang isa mang Sugo na dumatal sa kanila ang hindi nila tinuya.

كَذَٰلِكَ نَسْلُكُهُۥ فِى قُلُوبِ ٱلْمُجْرِمِينَ ﴿١٢﴾

12. Sa ganitong (paraan), Aming hinayaan na makapasok (ang kawalan ng pananampalataya) sa puso ng *Mujrimun* (mga buhong, buktot, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, dahilan sa kanilang panunuya sa mga Sugo).

لَا يُؤْمِنُونَ بِهِۦ وَقَدْ خَلَتْ سُنَّةُ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿١٣﴾

13. Sila ay hindi sasampalataya rito (ang Qur'an), at nangyari, na ang halimbawa (ng kaparusahan ni Allah) sa mga unang tao (na hindi nanampalataya) ay sumapit (sa kanila).

وَلَوْ فَتَحْنَا عَلَيْهِم بَابًا مِّنَ ٱلسَّمَآءِ فَظَلُّوا۟ فِيهِ يَعْرُجُونَ ﴿١٤﴾

14. At kahit na buksan Namin ang Tarangkahan mula sa langit at doon sila ay magpatuloy na umakyat,

لَقَالُوٓا۟ إِنَّمَا سُكِّرَتْ أَبْصَٰرُنَا بَلْ نَحْنُ قَوْمٌ مَّسْحُورُونَ ﴿١٥﴾

15. Katiyakang sila ay magsasabi: "Ang aming mga mata ay nalilito na katulad ng pagkalango. Hindi, katotohanang kami ay mga tao na ginagaway (ng mangkukulam)."

وَلَقَدْ جَعَلْنَا فِى ٱلسَّمَآءِ بُرُوجًا وَزَيَّنَّٰهَا لِلنَّٰظِرِينَ ﴿١٦﴾

16. At katotohanang ibinitin Namin sa kalangitan ang malalaking bituin, at ginawa Namin ito na marikit sa mata ng mga nagmamasid.

وَحَفِظْنَٰهَا مِن كُلِّ شَيْطَٰنٍ رَّجِيمٍ ﴿١٧﴾

17. At katotohanang binabantayan Namin ang mga yaon sa bawat isinumpang Satanas (upang hindi makalapit doon).

إِلَّا مَنِ ٱسْتَرَقَ ٱلسَّمْعَ فَأَتْبَعَهُۥ شِهَابٌ مُّبِينٌ ﴿١٨﴾

18. Maliban sa kanya (demonyo) na nakakarinig (ng balita) sa pamamagitan ng pagnanakaw, kaya't siya ay tinutugis ng maliwanag na apoy na nagniningas.

وَٱلْأَرْضَ مَدَدْنَٰهَا وَأَلْقَيْنَا فِيهَا رَوَٰسِىَ وَأَنۢبَتْنَا فِيهَا مِن كُلِّ شَىْءٍ مَّوْزُونٍ ﴿١٩﴾

19. At Aming inilatag ang kalupaan at Kami ay naglagay dito nang matatatag na kabundukan, at hinayaan Namin na magsitubo rito ang lahat ng uri ng mga bagay sa ganap na sukat.

وَجَعَلْنَا لَكُمْ فِيهَا مَعَٰيِشَ وَمَن لَّسْتُمْ لَهُۥ بِرَٰزِقِينَ ﴿٢٠﴾

20. At naglagay Kami rito ng lahat ng panggagalingan ng ikabubuhay, para sa inyo at para sa kanila (iba pang nilikha) na hindi kayo ang tagapagtaguyod.

وَإِن مِّن شَىْءٍ إِلَّا عِندَنَا خَزَآئِنُهُۥ وَمَا نُنَزِّلُهُۥٓ إِلَّا بِقَدَرٍ مَّعْلُومٍ ﴿٢١﴾

21. At walang anumang bagay, maliban na ang kanyang mga panustos (o kinalalagyan) ay nasa Aming (Karunungan). At hindi Namin ipinanaog ito maliban na ayon sa isang batid (o natatakdaang) sukat.

وَأَرْسَلْنَا ٱلرِّيَٰحَ لَوَٰقِحَ فَأَنزَلْنَا مِنَ ٱلسَّمَآءِ مَآءً فَأَسْقَيْنَٰكُمُوهُ وَمَآ أَنتُمْ لَهُۥ بِخَٰزِنِينَ ﴿٢٢﴾

22. At ipinadala Namin ang hangin na nagtatanim (ng tubig sa mga ulap) kaya't Aming ibinuhos mula sa alapaap ang ulan, at ibinigay Namin ito sa inyo bilang inumin, at hindi kayo ang nagmamay-ari ng kanilang pinagkukunan (alalaong baga, wala tayong kapangyarihan na magbigay ng ulan sa sinumang ating naisin o ipagkait ito sa sinumang ating naisin).

وَإِنَّا لَنَحْنُ نُحْىِۦ وَنُمِيتُ وَنَحْنُ ٱلْوَٰرِثُونَ ﴿٢٣﴾

23. At katotohanang Kami ang tagapagbigay ng buhay at bumabawi ng buhay, at Kami ang Tagapagmana (ng kalupaan at ng lahat ng bagay na nasa kalupaan).

وَلَقَدْ عَلِمْنَا ٱلْمُسْتَقْدِمِينَ مِنكُمْ وَلَقَدْ عَلِمْنَا ٱلْمُسْتَـْٔخِرِينَ ﴿٢٤﴾

24. At katotohanang batid Namin ang inyong mga unang henerasyon na nagsipanaw, at walang pagsala na nababatid Namin ang inyong kasalukuyang henerasyon (ng sangkatauhan), gayundin ang darating na mga henerasyon.

وَإِنَّ رَبَّكَ هُوَ يَحْشُرُهُمْ ۚ إِنَّهُۥ حَكِيمٌ عَلِيمٌ ﴿٢٥﴾

25. At katotohanang ang inyong Panginoon ang magtitipon sa inyo nang sama-sama. Katotohanang Siya ang Tigib ng Karunungan at Ganap na Maalam.

وَلَقَدْ خَلَقْنَا ٱلْإِنسَٰنَ مِن صَلْصَٰلٍ مِّنْ حَمَإٍ مَّسْنُونٍ ﴿٢٦﴾

26. At katotohanang nilikha Namin ang tao mula sa putik, mula sa hinubog na maitim at madulas na lupa.

وَٱلْجَآنَّ خَلَقْنَٰهُ مِن قَبْلُ مِن نَّارِ ٱلسَّمُومِ ﴿٢٧﴾

27. At ang *Jinn* ay Aming nilikha noon pang una mula sa lagablab ng apoy na walang usok.

وَإِذْ قَالَ رَبُّكَ لِلْمَلَٰٓئِكَةِ إِنِّى خَٰلِقٌۢ بَشَرًا مِّن صَلْصَٰلٍ مِّنْ حَمَإٍ مَّسْنُونٍ ﴿٢٨﴾

28. At (alalahanin) nang ang iyong Panginoon ay nangusap sa mga anghel: "Ako ay lilikha ng isang tao (Adan) mula sa putik, mula sa

hinubog na maitim at madulas na lupa.

29. Kaya't kapag ito ay Aking natapos nang ganap, at (matapos na) Aking maihinga sa kanya (Adan) ang kaluluwa na Aking nilikha para sa kanya, kayo (mga anghel) ay lumuhod at magpatirapa sa kanya (bilang paggalang at hindi pagsamba)."

فَإِذَا سَوَّيْتُهُۥ وَنَفَخْتُ فِيهِ مِن رُّوحِى فَقَعُوا۟ لَهُۥ سَٰجِدِينَ ﴿٢٩﴾

30. Kaya't ang mga anghel ay nagpatirapa (nagbigay-galang) sa kanya, silang lahat nang sama-sama,

فَسَجَدَ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ كُلُّهُمْ أَجْمَعُونَ ﴿٣٠﴾

31. Maliban kay Iblis (si Satanas), - siya ay tumanggi na magpatirapa.

إِلَّآ إِبْلِيسَ أَبَىٰٓ أَن يَكُونَ مَعَ ٱلسَّٰجِدِينَ ﴿٣١﴾

32. Siya (Allah) ay nagwika: "O Iblis! Ano ang iyong dahilan upang ikaw ay hindi sumama sa mga nagpatirapa?"

قَالَ يَٰٓإِبْلِيسُ مَا لَكَ أَلَّا تَكُونَ مَعَ ٱلسَّٰجِدِينَ ﴿٣٢﴾

33. Siya (Iblis) ay nagsabi: "Hindi ako dapat magpatirapa sa isang tao, na Inyong nilikha mula sa putik, mula sa hinubog na maitim at madulas na lupa."

قَالَ لَمْ أَكُن لِّأَسْجُدَ لِبَشَرٍ خَلَقْتَهُۥ مِن صَلْصَٰلٍ مِّنْ حَمَإٍ مَّسْنُونٍ ﴿٣٣﴾

34. Siya (Allah) ay nagsabi: "Kung gayon, ikaw ay lumayas dito, sapagkat katotohanang ikaw ay *Rajim* (isang isinumpa o itinaboy)."

قَالَ فَٱخْرُجْ مِنْهَا فَإِنَّكَ رَجِيمٌ ﴿٣٤﴾

35. At katotohanang ang sumpa ay sasaiyo hanggang sa Araw ng Paghuhukom (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay)."

وَإِنَّ عَلَيْكَ ٱللَّعْنَةَ إِلَىٰ يَوْمِ ٱلدِّينِ ﴿٣٥﴾

36. Siya (Iblis) ay nagsabi: "O aking Panginoon! Ako ay bigyan Ninyo, kung gayon, ng palugit hanggang sa Araw na sila (ang mga patay) ay ibabangon."

قَالَ رَبِّ فَأَنظِرْنِىٓ إِلَىٰ يَوْمِ يُبْعَثُونَ ﴿٣٦﴾

37. Siya (Allah) ay nagwika: "Kung gayon, katotohanang ikaw ay isa sa mga pinalugitan,

قَالَ فَإِنَّكَ مِنَ ٱلْمُنظَرِينَ ﴿٣٧﴾

38. Hanggang sa Araw ng natatakdaang panahon."

إِلَىٰ يَوْمِ ٱلْوَقْتِ ٱلْمَعْلُومِ ﴿٣٨﴾

39. Siya (Iblis) ay nagsabi: "O aking Panginoon, dahilan sa ako ay Inyong iniligaw, katotohanang aking gagawing marikit ang landas ng kamalian para sa kanila (sangkatauhan) sa kalupaan, at tiyak na sila ay aking ililigaw nang sama-sama,

قَالَ رَبِّ بِمَآ أَغْوَيْتَنِى لَأُزَيِّنَنَّ لَهُمْ فِى ٱلْأَرْضِ وَلَأُغْوِيَنَّهُمْ أَجْمَعِينَ ﴿٣٩﴾

40. Maliban sa Inyong mga alipin sa kanilang lipon na (lubhang) matatapat (sa Inyo)."

إِلَّا عِبَادَكَ مِنْهُمُ ٱلْمُخْلَصِينَ ﴿٤٠﴾

41. Siya (Allah) ay nagwika: "Ito ang Tuwid na

قَالَ هَٰذَا صِرَٰطٌ عَلَىَّ مُسْتَقِيمٌ ﴿٤١﴾

Landas na patungo sa Akin (alalaong baga, ito ang Aking Malinaw na Kautusan).”

42. Katotohanan, ikaw ay walang kapangyarihan sa Aking mga alipin, maliban sa mga sumusunod sa iyo (O Iblis), na mga lumilihis (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, mga nangaligaw, buktot, kriminal, mapaggawa ng kamalian).

إِنَّ عِبَادِي لَيْسَ لَكَ عَلَيْهِمْ سُلْطَٰنٌ إِلَّا مَنِ ٱتَّبَعَكَ مِنَ ٱلْغَاوِينَ ﴿٤٢﴾

43. At katotohanang Impiyerno ang nakalaang lugar para sa kanilang lahat.

وَإِنَّ جَهَنَّمَ لَمَوْعِدُهُمْ أَجْمَعِينَ ﴿٤٣﴾

44. Ito (ang Impiyerno) ay may pitong tarangkahan, at sa bawa’t isa sa mga tarangkahang ito ay may (natatanging) uri na nakatalaga para sa kanila.

لَهَا سَبْعَةُ أَبْوَٰبٍ لِّكُلِّ بَابٍ مِّنْهُمْ جُزْءٌ مَّقْسُومٌ ﴿٤٤﴾

45. Katotohanan, ang *Muttaqun* (mga matimtiman at matutuwid na nananampalataya kay Allah) ay mapapagitna sa mga Halamanan at mga bukal ng batis (Paraiso).

إِنَّ ٱلْمُتَّقِينَ فِي جَنَّٰتٍ وَعُيُونٍ ﴿٤٥﴾

46. (At sa kanila ay ipagbabadya): “Magsipasok kayo sa loob (ng Paraiso), sa kapayapaan at katiwasayan.”

ٱدْخُلُوهَا بِسَلَٰمٍ ءَامِنِينَ ﴿٤٦﴾

47. At Aming pinalis sa kanilang puso ang anumang nararamdamang hinanakit[34] (masamang hangad o malisya) bilang magkakapatid (sila ay magsisipahingalay sa mga supa [upuan] sa Paraiso) na magkakaharap sa isa’t isa;

وَنَزَعْنَا مَا فِي صُدُورِهِم مِّنْ غِلٍّ إِخْوَٰنًا عَلَىٰ سُرُرٍ مُّتَقَٰبِلِينَ ﴿٤٧﴾

48. Walang bahid ng pagkapagal ang sasapit sa kanila, at gayundin naman, sila ay hindi pagsasabihan na lumisan dito.”

لَا يَمَسُّهُمْ فِيهَا نَصَبٌ وَمَا هُم مِّنْهَا بِمُخْرَجِينَ ﴿٤٨﴾

49. Ipagbadya mo (O Muhammad) sa Aking mga alipin, katotohanang Ako ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

۞ نَبِّئْ عِبَادِيٓ أَنِّيٓ أَنَا ٱلْغَفُورُ ٱلرَّحِيمُ ﴿٤٩﴾

50. At ang Aking pagpaparusa ay katotohanang pinakamatinding parusa.

وَأَنَّ عَذَابِي هُوَ ٱلْعَذَابُ ٱلْأَلِيمُ ﴿٥٠﴾

51. At isalaysay mo sa kanila ang tungkol sa mga panauhin ni Abraham,

وَنَبِّئْهُمْ عَن ضَيْفِ إِبْرَٰهِيمَ ﴿٥١﴾

52. Nang sila ay magsituloy sa kanya na nagsabi: “*Salaman*” (Sumainyo ang kapayapaan)! Siya (Abraham) ay nagsabi: “Tunay na kami ay

إِذْ دَخَلُوا۟ عَلَيْهِ فَقَالُوا۟ سَلَٰمًا قَالَ إِنَّا مِنكُمْ وَجِلُونَ ﴿٥٢﴾

[34] Alalaong baga, masamang hangarin o pakiramdan na nasaktan sa anumang nagawa o naidulot sa kanila sa panahon ng kanilang pamumuhay sa mundo.

natatakot sa inyo!"

53. Sila (mga anghel) ay nagsabi: "Huwag kang matakot! Kami ay nagbibigay sa iyo ng magandang balita ng isang anak na lalaki (na ipagkakaloob sa iyo) na nagtataglay ng (maraming) kaalaman at karunungan."

قَالُوا۟ لَا تَوْجَلْ إِنَّا نُبَشِّرُكَ بِغُلَٰمٍ عَلِيمٍ ﴿٥٣﴾

54. Siya (Abraham) ay nagsabi: "Ako ba ay binibigyan ninyo ng magandang balita (ng isang anak na lalaki) kung ang katandaan ay sumapit na sa akin? Sa anong dahilan kung gayon ang inyong balita?"

قَالَ أَبَشَّرْتُمُونِى عَلَىٰٓ أَن مَّسَّنِىَ ٱلْكِبَرُ فَبِمَ تُبَشِّرُونَ ﴿٥٤﴾

55. Sila (mga anghel) ay nagsabi: "Kami ay nagbigay sa iyo ng magandang balita ng may katotohanan. Kaya't huwag kang maging isa sa mga nawawalan ng pag-asa."

قَالُوا۟ بَشَّرْنَٰكَ بِٱلْحَقِّ فَلَا تَكُن مِّنَ ٱلْقَٰنِطِينَ ﴿٥٥﴾

56. Siya (Abraham) ay nagsabi: "At sino naman ang nawawalan ng pag-asa sa Habag ng kanyang Panginoon maliban lamang sa mga napapaligaw (sa tuwid na landas)?"

قَالَ وَمَن يَقْنَطُ مِن رَّحْمَةِ رَبِّهِۦٓ إِلَّا ٱلضَّآلُّونَ ﴿٥٦﴾

57. Siya (Abraham) ay nangusap (muli): "Ano baga (kung gayon) ang inyong sadya kung bakit kayo ay naparito, O mga Sugo?"

قَالَ فَمَا خَطْبُكُمْ أَيُّهَا ٱلْمُرْسَلُونَ ﴿٥٧﴾

58. Sila (mga anghel) ay nagsabi: "Kami ay ipinadala sa mga tao (ang pamayanan ni Lut) na *Mujrimun* (mga kriminal, buktot, walang pananalig, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, makasalanan) na aming wawasakin,

قَالُوٓا۟ إِنَّآ أُرْسِلْنَآ إِلَىٰ قَوْمٍ مُّجْرِمِينَ ﴿٥٨﴾

59. Maliban sa pamilya ni Lut. (Sapagka't) sila ay tiyak naming ililigtas (sa pagkawasak).

إِلَّآ ءَالَ لُوطٍ إِنَّا لَمُنَجُّوهُمْ أَجْمَعِينَ ﴿٥٩﴾

60. Maliban (na lamang) sa kanyang asawa na Aming itinakda (pinagpasyahan) na mapabilang sa mga parurusahan (alalaong baga, siya ay wawasakin)."

إِلَّا ٱمْرَأَتَهُۥ قَدَّرْنَآ إِنَّهَا لَمِنَ ٱلْغَٰبِرِينَ ﴿٦٠﴾

61. Kaya't nang ang mga Sugo (mga anghel) ay dumatal sa pamilya ni Lut (at kay Lut),

فَلَمَّا جَآءَ ءَالَ لُوطٍ ٱلْمُرْسَلُونَ ﴿٦١﴾

62. Siya (Lut) ay nagsabi: "Katotohanan! Kayo ay mga tao na hindi ko kilala."

قَالَ إِنَّكُمْ قَوْمٌ مُّنكَرُونَ ﴿٦٢﴾

63. Sila ay nagsabi: "Hindi, kami ay naparito sa iyo na may dalang (kaparusahan) na kanilang pinag-aalinlanganan.

قَالُوا۟ بَلْ جِئْنَٰكَ بِمَا كَانُوا۟ فِيهِ يَمْتَرُونَ ﴿٦٣﴾

64. At dinala namin sa iyo ang katotohanan

وَأَتَيْنَٰكَ بِٱلْحَقِّ وَإِنَّا لَصَٰدِقُونَ ﴿٦٤﴾

(ang balita ng pagkawasak ng iyong pamayanan), at katiyakan, na kami ay nagsasaysay ng katotohanan.

فَأَسْرِ بِأَهْلِكَ بِقِطْعٍ مِّنَ ٱلَّيْلِ وَٱتَّبِعْ أَدْبَـٰرَهُمْ وَلَا يَلْتَفِتْ مِنكُمْ أَحَدٌ وَٱمْضُوا۟ حَيْثُ تُؤْمَرُونَ ﴿٦٥﴾

65. Kaya't maglakbay ka na kasama ang iyong pamilya (na naniniwala sa iyo), sa ilang bahagi ng gabi, at ikaw ay lumagay sa kanilang likuran, at huwag hayaan ang sinuman sa inyo ay tuminging pabalik (sa likuran), subalit tumungo kayo kung saan kayo ay pinag-utusan."

وَقَضَيْنَآ إِلَيْهِ ذَٰلِكَ ٱلْأَمْرَ أَنَّ دَابِرَ هَـٰٓؤُلَآءِ مَقْطُوعٌ مُّصْبِحِينَ ﴿٦٦﴾

66. At Aming ipinarating sa kanya ang pag-uutos na silang (mga makasalanan) ay papalisin (wawasakin) sa kinaumagahan (madaling-araw).

وَجَآءَ أَهْلُ ٱلْمَدِينَةِ يَسْتَبْشِرُونَ ﴿٦٧﴾

67. At dumating (kay Lut) ang mga naninirahan sa lungsod na nangagagalak (sa balitang mayroong panauhin si Lut na mga binata).

قَالَ إِنَّ هَـٰٓؤُلَآءِ ضَيْفِى فَلَا تَفْضَحُونِ ﴿٦٨﴾

68. Siya (Lut) ay nagsabi: "Katotohanang sila ay aking mga panauhin, kaya't ako ay huwag ninyong bigyan ng kahihiyan.

وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَلَا تُخْزُونِ ﴿٦٩﴾

69. At pangambahan ninyo si Allah, at ako ay huwag ninyong alisan ng karangalan (kapurihan)."

قَالُوٓا۟ أَوَلَمْ نَنْهَكَ عَنِ ٱلْعَـٰلَمِينَ ﴿٧٠﴾

70. Sila (ang mga tao ng lungsod) ay nagsabi: "Hindi baga pinagbawalan ka na namin na mangalaga sa alin man sa *A'alamin* (mga tao, mga banyaga, mga naiiba mula sa amin)?"

قَالَ هَـٰٓؤُلَآءِ بَنَاتِىٓ إِن كُنتُمْ فَـٰعِلِينَ ﴿٧١﴾

71. Siya (Lut) ay nagsabi: "Sila (ang kababaihan ng pamayanan) ay aking mga anak na babae (na maaari ninyong pakasalan) kung inyong nais."

لَعَمْرُكَ إِنَّهُمْ لَفِى سَكْرَتِهِمْ يَعْمَهُونَ ﴿٧٢﴾

72. Ako (Allah) ay nanunumpa sa iyong buhay (O Muhammad), katotohanang sila nga, sa kanilang pagkalango, ay nagpapalibut-libot na bulag (nasisilaw).

فَأَخَذَتْهُمُ ٱلصَّيْحَةُ مُشْرِقِينَ ﴿٧٣﴾

73. Kaya't ang Tili (Hiyaw ng Kaparusahan) ay sumakmal sa kanila sa oras na sumisikat na ang araw;

فَجَعَلْنَا عَـٰلِيَهَا سَافِلَهَا وَأَمْطَرْنَا عَلَيْهِمْ حِجَارَةً مِّن سِجِّيلٍ ﴿٧٤﴾

74. At Aming itinaob (ang mga bayan ng Sodom sa Palestina) na pabaligtad at pinaulan Namin sa kanila ang mga bato na yari sa hinurnong putik.

إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَـَٔايَـٰتٍ لِّلْمُتَوَسِّمِينَ ﴿٧٥﴾

75. Katotohanan! Naririto ang mga Tanda sa mga tao na nakakaunawa (o nakakakuha ng aral sa mga Tanda ni Allah).

وَإِنَّهَا لَبِسَبِيلٍ مُّقِيمٍ ﴿٧٦﴾

76. At katotohanan! (Ang mga lungsod na ito) ay nasa tabi lamang ng pangunahing daan

(mula sa Makkah hanggang Syria, alalaong baga, ang lugar kung saan naroroon ngayon ang Patay na Dagat [Dead Sea]).

إِنَّ فِي ذَٰلِكَ لَآيَةً لِّلْمُؤْمِنِينَ ﴿٧٧﴾

77. Katotohanan! Tunay na naririto ang isang Tanda sa mga sumasampalataya.

وَإِن كَانَ أَصْحَابُ الْأَيْكَةِ لَظَالِمِينَ ﴿٧٨﴾

78. At ang mga naninirahan sa Kakahuyan (alalaong baga, ang pamayanan ng Midian kung saan si Propeta Shuaib ay isinugo ni Allah), ay isa ring *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, tampalasan, mapaggawa ng kamalian).

فَانتَقَمْنَا مِنْهُمْ وَإِنَّهُمَا لَبِإِمَامٍ مُّبِينٍ ﴿٧٩﴾

79. Kaya't Kami ay naghiganti sa kanila (ang pamayanan ni Lut at pamayanan ni Shuaib). Sila ay kapwa nasa pangunahing daan na madaling makita.

وَلَقَدْ كَذَّبَ أَصْحَابُ الْحِجْرِ الْمُرْسَلِينَ ﴿٨٠﴾

80. At katotohanan, ang mga naninirahan sa *Al-Hijr* (ang mabatong lambak, - ang pamayanan ni Thamud) ay nagtakwil sa mga Sugo,

وَآتَيْنَاهُمْ آيَاتِنَا فَكَانُوا عَنْهَا مُعْرِضِينَ ﴿٨١﴾

81. At ibinigay Namin sa kanila ang Aming mga Tanda, datapuwa't sila ay tutol (salungat) dito.

وَكَانُوا يَنْحِتُونَ مِنَ الْجِبَالِ بُيُوتًا آمِنِينَ ﴿٨٢﴾

82. At sila, noon pa man, ay tumatabtab (bumabaak o umuukit) ng kanilang tahanan sa mga bundok (at nag-aakala sa kanilang sarili) na sila ay ligtas.

فَأَخَذَتْهُمُ الصَّيْحَةُ مُصْبِحِينَ ﴿٨٣﴾

83. Kaya't ang Tili (Hiyaw ng Kaparusahan) ay sumakmal sa kanila sa madaling-araw (sa ika-apat na araw ng kanilang nakatakdang kaparusahan).

فَمَا أَغْنَىٰ عَنْهُم مَّا كَانُوا يَكْسِبُونَ ﴿٨٤﴾

84. At ang lahat ng kanilang kinita ay hindi nakatulong sa kanila.

وَمَا خَلَقْنَا السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضَ وَمَا بَيْنَهُمَا إِلَّا بِالْحَقِّ ۗ وَإِنَّ السَّاعَةَ لَآتِيَةٌ ۖ فَاصْفَحِ الصَّفْحَ الْجَمِيلَ ﴿٨٥﴾

85. At hindi Namin nilikha ang mga kalangitan at kalupaan at ang nasa pagitan nito maliban sa katotohanan, at ang Oras ay walang pagsalang daratal, kaya't suklian mo (O Muhammad) ang kanilang kamalian ng maraming pagpapatawad. [Ito ay bago pa ipag-utos ang *Jihad* (Banal na Digmaan) alang-alang kay Allah].

إِنَّ رَبَّكَ هُوَ الْخَلَّاقُ الْعَلِيمُ ﴿٨٦﴾

86. Katotohanan, ang iyong Panginoon ay Siyang Manlilikha, na Lubos na Nakakaalam.

وَلَقَدْ آتَيْنَاكَ سَبْعًا مِّنَ الْمَثَانِي وَالْقُرْآنَ الْعَظِيمَ ﴿٨٧﴾

87. At tunay nga, na Aming ipinagkaloob sa iyo ang pitong *Al-Mathani* (ang pitong talata na laging inuulit [dinadalit], alalaong baga, ang Surat Al-Fatihah [Pambungad na Kabanata]) at ang Dakilang Qur'an.

لَا تَمُدَّنَّ عَيْنَيْكَ إِلَىٰ مَا مَتَّعْنَا بِهِۦٓ أَزْوَٰجًا مِّنْهُمْ وَلَا تَحْزَنْ عَلَيْهِمْ وَٱخْفِضْ جَنَاحَكَ لِلْمُؤْمِنِينَ ﴿٨٨﴾

88. Huwag mong pagmasdan ng may paghahangad ang mga bagay na kapwa Namin ipinagkaloob sa kanila (ang mga hindi sumasampalataya), gayundin ay huwag kang magdadalamhati sa kanila. At ibaba ang iyong pakpak sa mga sumasampalataya (maging magalang, mabait at mapagbigay sa iyong kapwa mananampalataya).

وَقُلْ إِنِّىٓ أَنَا ٱلنَّذِيرُ ٱلْمُبِينُ ﴿٨٩﴾

89. At ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay tunay na isang lantad (malinaw) na tagapagbabala."

كَمَآ أَنزَلْنَا عَلَى ٱلْمُقْتَسِمِينَ ﴿٩٠﴾

90. Katulad nang Aming ipinahayag (ang mga kasulatan) sa mga mapaghiwalay (lalung-lalo na ang mga Hudyo at mga Kristiyano na humiwalay o lumisan sa mga turo ng kanilang mga propeta),

ٱلَّذِينَ جَعَلُوا۟ ٱلْقُرْءَانَ عِضِينَ ﴿٩١﴾

91. Na gumawa sa Qur'an sa maraming bahagi (alalaong baga, naniniwala sa ilang bahagi nito at hindi naniniwala sa iba).

فَوَرَبِّكَ لَنَسْـَٔلَنَّهُمْ أَجْمَعِينَ ﴿٩٢﴾

92. Kaya't Ako (Allah) ay nanunumpa sa iyong Panginoon (O Muhammad), katiyakang silang lahat ay Aming tatawagin sa pagtutuos,

عَمَّا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿٩٣﴾

93. Sa lahat nilang ginagawa.

فَٱصْدَعْ بِمَا تُؤْمَرُ وَأَعْرِضْ عَنِ ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿٩٤﴾

94. Kaya't (iyong) ipagbadya nang hayagan (ang Mensahe ni Allah, ang Islam), na sa iyo ay ipinag-utos, at talikdan ang *Mushrikun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, naniniwala sa mga imahen, walang pananampalataya sa Kaisahan ni Allah, makasalanan).

إِنَّا كَفَيْنَٰكَ ٱلْمُسْتَهْزِءِينَ ﴿٩٥﴾

95. Katotohanan! Kami ay gagabay sa iyo laban sa mga mapangutya,

ٱلَّذِينَ يَجْعَلُونَ مَعَ ٱللَّهِ إِلَٰهًا ءَاخَرَ ۚ فَسَوْفَ يَعْلَمُونَ ﴿٩٦﴾

96. Na nagtuturing ng ibang diyos maliban pa kay Allah, (tunay nga) na mapag-aalaman nila.

وَلَقَدْ نَعْلَمُ أَنَّكَ يَضِيقُ صَدْرُكَ بِمَا يَقُولُونَ ﴿٩٧﴾

97. Katotohanang batid Namin na naninikip ang iyong dibdib dahilan sa kanilang sinasabi.

فَسَبِّحْ بِحَمْدِ رَبِّكَ وَكُن مِّنَ ٱلسَّٰجِدِينَ ﴿٩٨﴾

98. Kaya't iyong ipagbunyi ang mga papuri ng iyong Panginoon at maging isa sa mga nagpapatirapa ng kanilang sarili (sa Kanya),

وَٱعْبُدْ رَبَّكَ حَتَّىٰ يَأْتِيَكَ ٱلْيَقِينُ ﴿٩٩﴾

99. At sambahin mo ang iyong Panginoon hanggang sa sumapit sa iyo ang natatakdaang Oras (alalaong baga, ang kamatayan).



Surah 16

Surat An-Nahl
(Ang Bubuyog)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Naitakda (na) ni Allah ang Huling Oras (at ang kaparusahan ng mga hindi nananampalataya, at ito ay tiyak na magaganap), kaya't huwag ninyong hangarin na madaliin ito. Tunay na Kapuri-puri (si Allah) at higit Siyang Dakila sa lahat ng mga karibal na itinatambal nila sa Kanya.

أَتَىٰٓ أَمۡرُ ٱللَّهِ فَلَا تَسۡتَعۡجِلُوهُۚ سُبۡحَٰنَهُۥ وَتَعَٰلَىٰ عَمَّا يُشۡرِكُونَ ١

2. Isinusugo Niya ang mga anghel na may taglay na inspirasyon sa Kanyang pag-uutos sa kaninuman sa Kanyang mga alipin na Kanyang maibigan (na nagsasabi): "Bigyan ng babala ang sangkatauhan na wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Akin, kaya't pangambahan Ako (sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga kasalanan at masasamang gawa).

يُنَزِّلُ ٱلۡمَلَٰٓئِكَةَ بِٱلرُّوحِ مِنۡ أَمۡرِهِۦ عَلَىٰ مَن يَشَآءُ مِنۡ عِبَادِهِۦٓ أَنۡ أَنذِرُوٓاْ أَنَّهُۥ لَآ إِلَٰهَ إِلَّآ أَنَا۠ فَٱتَّقُونِ ٢

3. Nilikha Niya sa katotohanan ang mga kalangitan at kalupaan. Siya ay Higit na Mataas at malayo sa lahat ng iniaakibat nila na mga katambal sa Kanya.

خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضَ بِٱلۡحَقِّۚ تَعَٰلَىٰ عَمَّا يُشۡرِكُونَ ٣

4. Nilikha Niya ang tao mula sa *Nutfah* (magkahalong semilya ng lalaki at babae), nguni't pagmasdan, ang tao (ring ito) ay naging isang lantad na kaaway.

خَلَقَ ٱلۡإِنسَٰنَ مِن نُّطۡفَةٖ فَإِذَا هُوَ خَصِيمٞ مُّبِينٞ ٤

5. At ang mga bakahan (mga hayop na katulad ng kamelyo, baka, kambing, atbp.), Kanyang nilikha ang mga ito para sa inyo; (inyong matatagpuan) sa kanilang balat na ginagawang damit ang init at maraming kapakinabangan, at sila ay inyong pagkain.

وَٱلۡأَنۡعَٰمَ خَلَقَهَاۚ لَكُمۡ فِيهَا دِفۡءٞ وَمَنَٰفِعُ وَمِنۡهَا تَأۡكُلُونَ ٥

6. At kayo ay mayroong tinatamasa (na

وَلَكُمۡ فِيهَا جَمَالٌ حِينَ تُرِيحُونَ وَحِينَ

kasiyahan at pagkalugod) sa kanilang bikas at ganda, kung sila ay inyo nang ihapon sa gabi at kung sila ay inyong ihayo sa pastulan sa umaga.

تَسْرَحُونَ ﴿٦﴾

7. At dinadala nila ang inyong mga dalahin sa lupaing hindi ninyo mararating maliban na may malaking paghihirap sa inyong sarili. Katotohanan, ang inyong Panginoon ay Puspos ng Kabaitan, ang Pinakamaawain.

وَتَحْمِلُ أَثْقَالَكُمْ إِلَىٰ بَلَدٍ لَّمْ تَكُونُوا۟ بَٰلِغِيهِ إِلَّا بِشِقِّ ٱلْأَنفُسِ ۚ إِنَّ رَبَّكُمْ لَرَءُوفٌ رَّحِيمٌ ﴿٧﴾

8. At (Kanyang nilikha) ang mga kabayo, mga mola at asno, upang sila ay inyong masakyan at (bilang) palamuti (sa angkin nilang bikas at ganda). At Kanyang nilikha (ang iba) pang mga bagay na wala kayong kaalaman.

وَٱلْخَيْلَ وَٱلْبِغَالَ وَٱلْحَمِيرَ لِتَرْكَبُوهَا وَزِينَةً ۚ وَيَخْلُقُ مَا لَا تَعْلَمُونَ ﴿٨﴾

9. At nasa (paghahawak) ni Allah (ang katungkulan) na ipaliwanag sa inyo ang Tuwid na Landas[35] , at may mga landas na lumiliko mula rito (tulad ng paganismo, Hudaismo, Kristiyanismo). At kung Kanya lamang ninais, magagawa Niyang mapatnubayan kayong lahat (na sangkatauhan).

وَعَلَى ٱللَّهِ قَصْدُ ٱلسَّبِيلِ وَمِنْهَا جَآئِرٌ ۚ وَلَوْ شَآءَ لَهَدَىٰكُمْ أَجْمَعِينَ ﴿٩﴾

10. Siya ang nagpamalisbis ng tubig (ulan) mula sa alapaap; mula rito kayo ay umiinom at mula rin dito (ay tumutubo) ang mga pananim at dito ay inyong isinusuga ang inyong bakahan (upang manginain nang masagana).

هُوَ ٱلَّذِىٓ أَنزَلَ مِنَ ٱلسَّمَآءِ مَآءً لَّكُم مِّنْهُ شَرَابٌ وَمِنْهُ شَجَرٌ فِيهِ تُسِيمُونَ ﴿١٠﴾

11. Sa pamamagitan nito (tubig) ay pinahihintulutan Niyang tumubo (at lumaki) ang mga pananim, ang oliba, ang palmera, ang mga ubas, at lahat ng uri ng prutas. Katiyakang nasa sa mga ito ang Tanda para sa mga taong nagmumuni-muni.

يُنۢبِتُ لَكُم بِهِ ٱلزَّرْعَ وَٱلزَّيْتُونَ وَٱلنَّخِيلَ وَٱلْأَعْنَٰبَ وَمِن كُلِّ ٱلثَّمَرَٰتِ ۗ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَةً لِّقَوْمٍ يَتَفَكَّرُونَ ﴿١١﴾

12. At nilikha Niya para sa inyo ang gabi at araw (maghapon), ang araw at buwan, at ang mga bituin ay nasa ilalim ng Kanyang Pag-uutos. Katiyakang nasa sa mga ito ang mga Tanda para sa mga taong nakakaunawa.

وَسَخَّرَ لَكُمُ ٱلَّيْلَ وَٱلنَّهَارَ وَٱلشَّمْسَ وَٱلْقَمَرَ ۖ وَٱلنُّجُومُ مُسَخَّرَٰتٌۢ بِأَمْرِهِۦٓ ۗ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَٰتٍ لِّقَوْمٍ يَعْقِلُونَ ﴿١٢﴾

13. At ang anupamang bagay na Kanyang nilikha para sa inyo sa lupaing ito na may iba't ibang kulay (at katangian ng pananim at mga bungangkahoy [mga panghalaman], at mga hayop [mga panghayupan]). Katiyakang nasa sa

وَمَا ذَرَأَ لَكُمْ فِى ٱلْأَرْضِ مُخْتَلِفًا أَلْوَٰنُهُۥٓ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَةً لِّقَوْمٍ يَذَّكَّرُونَ ﴿١٣﴾

[35] Ang paniniwala sa Kaisahan ni Allah at sa Islam, upang maipamalas sa kanila ang mga pinahihintulutan at hindi pinahihintulutang bagay, ang masama at mabuti, kaya't kung sinuman ang tumanggap sa patnubay, ito ay sa kapakinabangan ng kanyang sarili, at kung sinuman ang tumahak nang paligaw, ito ay tungo sa kanyang pagkapariwara.

mga ito ang Tanda para sa mga taong nakakaala-ala.

14. At Kanyang nilikha para sa inyo ang karagatan upang magsikain kayo rito ng sariwa at malambot na laman (alalaong baga, ang isda), at mula rin dito ay makakakuha kayo ng mga palamuti na maisusuot (katulad ng mga perlas at mutya). At napagmamasdan ninyo ang barko na sumusuyod dito upang kayo ay magsihanap ng Kanyang biyaya (sa pamamagitan ng pagdadala ng mga paninda mula sa isang lugar patungo sa ibang lugar), at upang kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat.

وَهُوَ ٱلَّذِى سَخَّرَ ٱلْبَحْرَ لِتَأْكُلُوا۟ مِنْهُ لَحْمًا طَرِيًّا وَتَسْتَخْرِجُوا۟ مِنْهُ حِلْيَةً تَلْبَسُونَهَا ۖ وَتَرَى ٱلْفُلْكَ مَوَاخِرَ فِيهِ وَلِتَبْتَغُوا۟ مِن فَضْلِهِۦ وَلَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ ﴿١٤﴾

15. At inilapat Niya sa kalupaan ang mga kabundukan na matatag na nakatayo, (kung hindi) maaari itong mawalan ng balanse (mauga o gumiwang) na kasama ninyo, at (nilikha Niya) ang mga ilog (upang kayo ay uminom dito) at ang mga daan upang mapatnubayan ang inyong sarili.

وَأَلْقَىٰ فِى ٱلْأَرْضِ رَوَٰسِىَ أَن تَمِيدَ بِكُمْ وَأَنْهَٰرًا وَسُبُلًا لَّعَلَّكُمْ تَهْتَدُونَ ﴿١٥﴾

16. At (nilikha Niya) ang mga tanda sa lupa (sa oras ng maghapon) at mga bituin (sa oras ng gabi), sila (ang sangkatauhan) ay makagagabay sa kanilang sarili.

وَعَلَٰمَٰتٍ ۚ وَبِٱلنَّجْمِ هُمْ يَهْتَدُونَ ﴿١٦﴾

17. Siya kaya na Lumilikha ay katulad ng isa na walang nilikha? Hindi baga kayo makakaala-ala?

أَفَمَن يَخْلُقُ كَمَن لَّا يَخْلُقُ ۗ أَفَلَا تَذَكَّرُونَ ﴿١٧﴾

18. At kung inyong bibilangin ang mga pagpapala (Biyaya) ni Allah, kailanman ay hindi ninyo ito makakayang bilangin. Katotohanan! Si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَإِن تَعُدُّوا۟ نِعْمَةَ ٱللَّهِ لَا تُحْصُوهَآ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَغَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١٨﴾

19. At si Allah ang nakatatalos ng lahat ng inyong inililingid at kung ano ang inyong inilalantad.

وَٱللَّهُ يَعْلَمُ مَا تُسِرُّونَ وَمَا تُعْلِنُونَ ﴿١٩﴾

20. At yaong (mga diyus-diyosan) na kanilang pinananalanginan (sinasamba) maliban pa kay Allah ay walang nilikha ni anuman, bagkus sila ang mga nilikha.

وَٱلَّذِينَ يَدْعُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ لَا يَخْلُقُونَ شَيْـًٔا وَهُمْ يُخْلَقُونَ ﴿٢٠﴾

21. Ito ay mga patay, walang buhay, at hindi nila batid kung kailan ibabangon (ang mga taong sumasamba sa kanila).

أَمْوَٰتٌ غَيْرُ أَحْيَآءٍ ۖ وَمَا يَشْعُرُونَ أَيَّانَ يُبْعَثُونَ ﴿٢١﴾

إِلَٰهُكُمْ إِلَٰهٌ وَٰحِدٌ ۚ فَٱلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ بِٱلْءَاخِرَةِ قُلُوبُهُم مُّنكِرَةٌ وَهُم مُّسْتَكْبِرُونَ ﴿٢٢﴾

22. Ang inyong Diyos ay isang Diyos lamang (si Allah; wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya). Kaya't ang mga hindi sumasampalataya sa Kabilang Buhay, ang kanilang puso ay nagtatakwil (sa pananalig sa Kaisahan ni Allah), at sila ay mga palalo.

لَا جَرَمَ أَنَّ ٱللَّهَ يَعْلَمُ مَا يُسِرُّونَ وَمَا يُعْلِنُونَ ۚ إِنَّهُۥ لَا يُحِبُّ ٱلْمُسْتَكْبِرِينَ ﴿٢٣﴾

23. Katotohanan, nababatid ni Allah kung ano ang kanilang inililingid at kung ano ang kanilang ipinapahayag. Katotohanang hindi Niya naiibigan ang mga palalo.

وَإِذَا قِيلَ لَهُم مَّاذَآ أَنزَلَ رَبُّكُمْ ۙ قَالُوٓا۟ أَسَٰطِيرُ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿٢٤﴾

24. At kung ito ay ipinagtuturing sa kanila: "Ano baga yaong ipinarating ng inyong Panginoon (kay Muhammad)? Sila ay nagsasabi: "Mga kathang kuwento lamang ng mga tao ng panahong sinauna!"

لِيَحْمِلُوٓا۟ أَوْزَارَهُمْ كَامِلَةً يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ ۙ وَمِنْ أَوْزَارِ ٱلَّذِينَ يُضِلُّونَهُم بِغَيْرِ عِلْمٍ ۗ أَلَا سَآءَ مَا يَزِرُونَ ﴿٢٥﴾

25. Upang sa gayon, ay kanilang dalhin nang ganap ang kanilang mga pasanin (kasalanan) sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at gayundin, ang mga pasanin (kasalanan) ng mga iba na kanilang iniligaw gayong sila ay salat sa karunungan. Katiyakang kasamaan ang kanilang tatamasahin!

قَدْ مَكَرَ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ فَأَتَى ٱللَّهُ بُنْيَٰنَهُم مِّنَ ٱلْقَوَاعِدِ فَخَرَّ عَلَيْهِمُ ٱلسَّقْفُ مِن فَوْقِهِمْ وَأَتَىٰهُمُ ٱلْعَذَابُ مِنْ حَيْثُ لَا يَشْعُرُونَ ﴿٢٦﴾

26. Sila na nauna sa kanila ay katotohanang nagsipagbalak (ng pakana laban sa kanilang mga Propeta), datapuwa't si Allah ang gumiba ng balangkas at mga haligi ng kanilang gusali, at ang bubong ay gumuho sa kanila mula sa itaas nila, (alalaong baga, hindi sila nagtagumpay) at ang kaparusahan ay sumaklot sa kanila mula sa mga sulok na hindi nila napag-aakala.

ثُمَّ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ يُخْزِيهِمْ وَيَقُولُ أَيْنَ شُرَكَآءِىَ ٱلَّذِينَ كُنتُمْ تُشَٰٓقُّونَ فِيهِمْ ۚ قَالَ ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْعِلْمَ إِنَّ ٱلْخِزْىَ ٱلْيَوْمَ وَٱلسُّوٓءَ عَلَى ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٢٧﴾

27. At sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sila ay Kanyang dudustain at sa kanila ay ipagbabadya: "Nasaan ang (mga tinatawag) ninyong katambal sa Akin na siyang dahilan ng inyong pagtutol (hindi pagsunod sa mga Propeta at pakikipagtalo sa mga sumasampalataya)? Sila na may kaalaman (ng katotohanan) ay magsasabi: "Katotohanan! Ang kahihiyan (kadustaan) sa Araw na ito at kapighatian ay sasakanila na mga walang pananalig."

ٱلَّذِينَ تَتَوَفَّىٰهُمُ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ ظَالِمِىٓ أَنفُسِهِمْ ۖ

28. Yaong mga tao na binawian ng buhay ng

فَأَلْقَوُا۟ ٱلسَّلَمَ مَا كُنَّا نَعْمَلُ مِن سُوٓءٍۭ ۚ بَلَىٰٓ إِنَّ ٱللَّهَ عَلِيمٌۢ بِمَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٢٨﴾

mga anghel (habang) sila ay gumagawa ng kamalian sa kanilang sarili (sa pamamagitan ng kawalan ng pananalig at pag-aakibat ng mga katambal sa pagsamba kay Allah at sa pagsasagawa ng lahat ng uri ng mga kasalanan at katampalasanan), sa gayon (nang kanilang mapagmasdan ang kamatayan), sila ay ganap na sumuko (at nagsabi): "Hindi na kami gumagawa ng kasamaan." (Ang mga anghel) ay magsasabi: "Oo! Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakababatid ng lahat ninyong ginagawa.

فَٱدْخُلُوٓا۟ أَبْوَٰبَ جَهَنَّمَ خَٰلِدِينَ فِيهَا ۖ فَلَبِئْسَ مَثْوَى ٱلْمُتَكَبِّرِينَ ﴿٢٩﴾

29. Kaya't magsipasok kayo sa mga tarangkahan ng Impiyerno, upang manahan dito magpakailanman, at katotohanan, pagkasama-sama ng gayong tahanan sa mga palalo."

وَقِيلَ لِلَّذِينَ ٱتَّقَوْا۟ مَاذَآ أَنزَلَ رَبُّكُمْ ۚ قَالُوا۟ خَيْرًا ۗ لِّلَّذِينَ أَحْسَنُوا۟ فِى هَٰذِهِ ٱلدُّنْيَا حَسَنَةٌ ۚ وَلَدَارُ ٱلْءَاخِرَةِ خَيْرٌ ۚ وَلَنِعْمَ دَارُ ٱلْمُتَّقِينَ ﴿٣٠﴾

30. At nang ito ay ipagbadya sa *Muttaqun* (mga matimtiman at matutuwid na nananampalataya kay Allah): "Ano ba ang bagay na ipinadala ng inyong Panginoon? Sila ay magsasabi: "Ang ikababuti (Patnubay)." Sa mga nagsigawa ng kabutihan sa mundong ito ay may mabuting gantimpala (Tagumpay), at ang tahanan ng Kabilang Buhay (Paraiso) ay higit na mainam. At tunay na karangal-rangal ang magiging tahanan ng *Muttaqun* (alalaong baga, ang mga matimtiman ay papasok sa Paraiso),

جَنَّٰتُ عَدْنٍ يَدْخُلُونَهَا تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ ۖ لَهُمْ فِيهَا مَا يَشَآءُونَ ۚ كَذَٰلِكَ يَجْزِى ٱللَّهُ ٱلْمُتَّقِينَ ﴿٣١﴾

31. Mga Paraisong Walang Hanggan (*Jannat 'Adn*) ang kanilang tutuluyan, na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy, naroroong lahat ang kanilang bawat naisin. Kaya't sa ganito si Allah ay nagbibigay ng gantimpala sa *Muttaqun* (mga matimtiman at matutuwid na nananampalataya kay Allah).

ٱلَّذِينَ تَتَوَفَّىٰهُمُ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ طَيِّبِينَ ۙ يَقُولُونَ سَلَٰمٌ عَلَيْكُمُ ٱدْخُلُوا۟ ٱلْجَنَّةَ بِمَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٣٢﴾

32. Yaong mga tao na binawian ng buhay ng mga anghel (habang) sila ay nasa banal na kalagayan (alalaong baga, malinis sa kasalanan at sumasamba lamang kay Allah), sa kanila ay ipagbabadya: "*Salamun alaikum* (Sumainyo ang kapayapaan). Magsipasok kayo sa Paraiso, dahilan sa kabutihan na inyong ginawa."

هَلْ يَنظُرُونَ إِلَّآ أَن تَأْتِيَهُمُ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ أَوْ يَأْتِىَ أَمْرُ رَبِّكَ ۚ كَذَٰلِكَ فَعَلَ ٱلَّذِينَ مِن

33. Mayroon pa ba silang (mga hindi sumasampalataya) hinihintay, maliban pa sa mga

anghel na dumating sa kanila (upang kunin ang kanilang kaluluwa), o ang Kautusan (alalaong baga, ang kaparusahan) ng inyong Panginoon ay dumatal (sa kanila)? Gayundin ang ginawa noong nauna sa kanila (at sila rin ay pinarusahan). At si Allah ay hindi nagpalungi sa kanila, datapuwa't ipinalungi nila ang kanilang sarili.

قَبْلِهِمْ ۚ وَمَا ظَلَمَهُمُ ٱللَّهُ وَلَٰكِن كَانُوٓا۟ أَنفُسَهُمْ يَظْلِمُونَ ﴿٣٣﴾

34. Kaya't ang masamang bunga ng kanilang mga gawa ay sumakmal sa kanila, at yaong dati nilang nililibak ay pumaligid sa kanila.

فَأَصَابَهُمْ سَيِّـَٔاتُ مَا عَمِلُوا۟ وَحَاقَ بِهِم مَّا كَانُوا۟ بِهِۦ يَسْتَهْزِءُونَ ﴿٣٤﴾

35. At sila na nagtatambal ng iba pa sa pagsamba kay Allah ay nagsasabi: "Kung ninais lamang ni Allah, kami, gayundin ang aming mga ninuno ay wala sanang sasambahin pang iba maliban sa Kanya, at hindi rin naman namin ipagbabawal ang anuman kung wala (ang Pag-uutos mula) sa Kanya." Gayundin ang ginawa noong mga nauna sa kanila. Kaya nga, ang mga Sugo kaya ay kailangan pang gumawa ng iba, maliban lamang na iparating ang malinaw na mensahe?"

وَقَالَ ٱلَّذِينَ أَشْرَكُوا۟ لَوْ شَآءَ ٱللَّهُ مَا عَبَدْنَا مِن دُونِهِۦ مِن شَىْءٍ نَّحْنُ وَلَآ ءَابَآؤُنَا وَلَا حَرَّمْنَا مِن دُونِهِۦ مِن شَىْءٍ ۚ كَذَٰلِكَ فَعَلَ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ ۚ فَهَلْ عَلَى ٱلرُّسُلِ إِلَّا ٱلْبَلَٰغُ ٱلْمُبِينُ ﴿٣٥﴾

36. At katotohanang Kami ay nagsugo sa bawat *Ummah* (bansa o pamayanan) ng isang Sugo (na nagpapahayag): "Sambahin lamang si Allah at iwasan (o layuan) ang lahat ng *Taghut* (lahat ng mali o huwad na sinasamba, maliban kay Allah)." At ang ilan sa kanila ay ginabayan ni Allah, at ang ilan (naman) sa kanila ay naitakda para sa kanya ang pagkaligaw (ng may karampatan). Kaya't magsipaglakbay kayo sa kalupaan at malasin kung ano ang kinahinatnan ng mga nagtakwil (sa Katotohanan).

وَلَقَدْ بَعَثْنَا فِى كُلِّ أُمَّةٍ رَّسُولًا أَنِ ٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ وَٱجْتَنِبُوا۟ ٱلطَّٰغُوتَ ۖ فَمِنْهُم مَّنْ هَدَى ٱللَّهُ وَمِنْهُم مَّنْ حَقَّتْ عَلَيْهِ ٱلضَّلَٰلَةُ ۚ فَسِيرُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ فَٱنظُرُوا۟ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلْمُكَذِّبِينَ ﴿٣٦﴾

37. Kung ikaw (O Muhammad) ay naghahangad sa kanilang patnubay, kung gayon, katotohanang si Allah ay hindi namamatnubay sa sinumang nais Niyang mapaligaw (o walang sinuman ang makapamamatnubay sa kanya na binayaan ni Allah na maligaw). At sa kanila ay walang makatutulong.

إِن تَحْرِصْ عَلَىٰ هُدَىٰهُمْ فَإِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهْدِى مَن يُضِلُّ ۖ وَمَا لَهُم مِّن نَّٰصِرِينَ ﴿٣٧﴾

38. At sila ay nanumpa kay Allah ng matitinding sumpa, na si Allah ay hindi makapagpapabangon sa kanya na namatay na.

وَأَقْسَمُوا۟ بِٱللَّهِ جَهْدَ أَيْمَٰنِهِمْ ۙ لَا يَبْعَثُ ٱللَّهُ مَن يَمُوتُ ۚ بَلَىٰ وَعْدًا عَلَيْهِ حَقًّا وَلَٰكِنَّ

Tunay nga, (Kanyang ibabangon sila), - isang pangako sa katotohanan (na marapat) Niyang tuparin, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay hindi nakakaalam,

أَكْثَرَ ٱلنَّاسِ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٣٨﴾

39. Upang Kanyang maipaliwanag sa kanila ang katotohanan na kanilang pinagkakahidwaan, at upang sila na hindi nananampalataya (sa Muling Pagkabuhay at sa Kaisahan ni Allah) ay makakaalam na sila ay mga sinungaling.

لِيُبَيِّنَ لَهُمُ ٱلَّذِى يَخْتَلِفُونَ فِيهِ وَلِيَعْلَمَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ أَنَّهُمْ كَانُوا۟ كَٰذِبِينَ ﴿٣٩﴾

40. Katotohanan! Ang Aming Salita, kung Kami ay magnais ng isang bagay, (ito) lamang ang Aming wiwikain: "Mangyari nga!" At ito ay magaganap.

إِنَّمَا قَوْلُنَا لِشَىْءٍ إِذَآ أَرَدْنَٰهُ أَن نَّقُولَ لَهُۥ كُن فَيَكُونُ ﴿٤٠﴾

41. At sa mga lumilikas ng tirahan tungo sa Kapakanan ni Allah, matapos na sila ay dumanas ng pang-aapi, katotohanang Aming gagawaran sila ng magandang pananahanan sa mundong ito, datapuwa't katiyakan, ang gantimpala sa Kabilang Buhay ay higit na mainam kung kanila lamang nalalaman!

وَٱلَّذِينَ هَاجَرُوا۟ فِى ٱللَّهِ مِنۢ بَعْدِ مَا ظُلِمُوا۟ لَنُبَوِّئَنَّهُمْ فِى ٱلدُّنْيَا حَسَنَةً ۖ وَلَأَجْرُ ٱلْءَاخِرَةِ أَكْبَرُ ۚ لَوْ كَانُوا۟ يَعْلَمُونَ ﴿٤١﴾

42. (Sila ang) nananatiling matiisin (sa mundong ito dahil sa Kapakanan ni Allah), at nag-aalay ng kanilang pagtitiwala sa kanilang Panginoon (kay Allah lamang).

ٱلَّذِينَ صَبَرُوا۟ وَعَلَىٰ رَبِّهِمْ يَتَوَكَّلُونَ ﴿٤٢﴾

43. At hindi Kami nagsugo nang una pa sa iyo (O Muhammad), maliban na mga lalaki, na Aming binigyang-inspirasyon (upang mangaral at mag-anyaya sa sangkatauhan na manampalataya sa Kaisahan ni Allah). Kaya't (inyong) tanungin sila na nakakaalam ng Kasulatan (mga pantas ng *Torah* [mga Batas] at Ebanghelyo) kung hindi ninyo nalalaman,

وَمَآ أَرْسَلْنَا مِن قَبْلِكَ إِلَّا رِجَالًا نُّوحِىٓ إِلَيْهِمْ ۚ فَسْـَٔلُوٓا۟ أَهْلَ ٱلذِّكْرِ إِن كُنتُمْ لَا تَعْلَمُونَ ﴿٤٣﴾

44. Nang maliliwanag na Tanda at Aklat (na Aming ipinadala sa mga Sugo). At ipinanaog din Namin sa iyo (O Muhammad) ang Paala-ala at Patnubay (ang Qur'an), upang iyong maipaliwanag nang mahusay sa mga tao kung ano ang ipinahayag sa kanila, upang sila ay magbigay ng pagmumuni-muni.

بِٱلْبَيِّنَٰتِ وَٱلزُّبُرِ ۗ وَأَنزَلْنَآ إِلَيْكَ ٱلذِّكْرَ لِتُبَيِّنَ لِلنَّاسِ مَا نُزِّلَ إِلَيْهِمْ وَلَعَلَّهُمْ يَتَفَكَّرُونَ ﴿٤٤﴾

45. Sila baga na nagsasagawa ng masamang balakin ay nakadarama ng pagiging ligtas kung si Allah ay magbabaon sa kanila (sa ilalim) ng

أَفَأَمِنَ ٱلَّذِينَ مَكَرُوا۟ ٱلسَّيِّـَٔاتِ أَن يَخْسِفَ ٱللَّهُ بِهِمُ ٱلْأَرْضَ أَوْ يَأْتِيَهُمُ ٱلْعَذَابُ مِنْ حَيْثُ

lupa, o kung ang kaparusahan ay sumaklot sa kanila mula sa mga sulok na hindi nila napag-aakala?

لَا يَشْعُرُونَ ﴿٤٥﴾

46. O kaya'y Kanyang hulihin sila sa gitna ng kanilang pagpaparoo't parito (sa kanilang mga gawain), upang hindi sila magkaroon ng matatakasan (sa kaparusahan ni Allah)?

أَوْ يَأْخُذَهُمْ فِي تَقَلُّبِهِمْ فَمَا هُم بِمُعْجِزِينَ ﴿٤٦﴾

47. O kaya'y Kanyang hulihin sila ng unti-unti (sa pamamagitan) ng pag-aaksaya (ng kanilang kayamanan at kalusugan). Katotohanan! Ang inyong Panginoon ay katiyakang Puspos ng Kabaitan, ang Pinakamaawain?

أَوْ يَأْخُذَهُمْ عَلَىٰ تَخَوُّفٍ فَإِنَّ رَبَّكُمْ لَرَءُوفٌ رَّحِيمٌ ﴿٤٧﴾

48. Hindi baga nila napagmamasdan ang mga bagay na nilikha ni Allah, (kung paano) ang kanilang anino ay humihilig sa kanan at sa kaliwa, na nagsasagawa ng pagpapatirapa kay Allah, at sila ay mga hamak?

أَوَلَمْ يَرَوْا إِلَىٰ مَا خَلَقَ اللَّهُ مِن شَيْءٍ يَتَفَيَّأُ ظِلَالُهُ عَنِ الْيَمِينِ وَالشَّمَائِلِ سُجَّدًا لِّلَّهِ وَهُمْ دَاخِرُونَ ﴿٤٨﴾

49. At kay Allah ay nagpapatirapa ang lahat ng anumang nasa kalangitan at kalupaan, ang lahat ng mga buhay at gumagalaw na nilikha, at ang mga anghel, at sila ay hindi mga palalo (alalaong baga, sinasamba nila ang kanilang Panginoon [Allah] ng may kapakumbabaan).

وَلِلَّهِ يَسْجُدُ مَا فِي السَّمَاوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ مِن دَابَّةٍ وَالْمَلَائِكَةُ وَهُمْ لَا يَسْتَكْبِرُونَ ﴿٤٩﴾

50. Pinangangambahan nila ang kanilang Panginoon na nasa itaas, at sila ay tumatalima sa anumang sa kanila ay ipag-utos.

يَخَافُونَ رَبَّهُم مِّن فَوْقِهِمْ وَيَفْعَلُونَ مَا يُؤْمَرُونَ ﴿٥٠﴾ ۩

51. At si Allah ay nagwika (O sangkatauhan!): "Huwag kayong sumamba sa dalawang diyos. Katotohanan, Siya (Allah) ang tanging Diyos lamang. Kaya't Ako (Allah) lamang ang inyong pangambahan.

۞ وَقَالَ اللَّهُ لَا تَتَّخِذُوا إِلَٰهَيْنِ اثْنَيْنِ ۖ إِنَّمَا هُوَ إِلَٰهٌ وَاحِدٌ ۖ فَإِيَّايَ فَارْهَبُونِ ﴿٥١﴾

52. Sa Kanya ang pag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at (lahat ng nasa) kalupaan at sa Kanya (ay nakalaan) ang palagiang pagsamba. Pangangambahan ba ninyo ang iba pa maliban kay Allah?

وَلَهُ مَا فِي السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ وَلَهُ الدِّينُ وَاصِبًا ۚ أَفَغَيْرَ اللَّهِ تَتَّقُونَ ﴿٥٢﴾

53. At kung anuman ang biyaya (at magagandang bagay) na nasa inyo, ito ay mula kay Allah. At kung ang kasamaan (kapinsalaan) ay dumatal sa inyo, kayo ay sa Kanya naninikluhod ng tulong.

وَمَا بِكُم مِّن نِّعْمَةٍ فَمِنَ اللَّهِ ۖ ثُمَّ إِذَا مَسَّكُمُ الضُّرُّ فَإِلَيْهِ تَجْأَرُونَ ﴿٥٣﴾

54. At matapos na Kanyang pawiin ang

ثُمَّ إِذَا كَشَفَ الضُّرَّ عَنكُمْ إِذَا فَرِيقٌ مِّنكُم

kapinsalaan sa inyo, ang iba sa inyo ay nagtatambal ng iba pa sa pagsamba sa kanilang Panginoon (Allah),

بِرَبِّهِمْ يُشْرِكُونَ ﴿٥٤﴾

55. Upang kanilang maitakwil (ng walang pasasalamat) ang mga biyaya na Aming ipinagkaloob sa kanila! Kaya't magsipagsaya kayo sa inyong sarili (sa maigsi ninyong pananatili rito sa mundo), katiyakang inyong mapag-aalaman ito (ng may pagsisisi).

لِيَكْفُرُوا۟ بِمَآ ءَاتَيْنَٰهُمْ ۚ فَتَمَتَّعُوا۟ ۖ فَسَوْفَ تَعْلَمُونَ ﴿٥٥﴾

56. At sila ay nag-aalay ng ilang bahagi ng Aming ipinagkaloob sa kanila (sa mga huwad na diyus-diyosan) na rito sila ay walang kaalaman. Ako (Allah) ay nanunumpa, katotohanang kayo ay tatanungin sa lahat ng inyong mga kabulaanan.

وَيَجْعَلُونَ لِمَا لَا يَعْلَمُونَ نَصِيبًا مِّمَّا رَزَقْنَٰهُمْ ۗ تَٱللَّهِ لَتُسْـَٔلُنَّ عَمَّا كُنتُمْ تَفْتَرُونَ ﴿٥٦﴾

57. At sila ay nagsasabi na ang mga anghel ay mga anak na babae ni Allah! Siya ay Maluwalhati (at higit na malayo) sa lahat ng mga itinatambal sa Kanya! At mapapasakanilang sarili kung ano ang kanilang ninanasa.

وَيَجْعَلُونَ لِلَّهِ ٱلْبَنَٰتِ سُبْحَٰنَهُۥ ۙ وَلَهُم مَّا يَشْتَهُونَ ﴿٥٧﴾

58. At kung ang balita (ng pagsilang) ng isang (sanggol na) babae ay ipinarating sa sinuman sa kanila, ang kanyang mukha ay nagiging madilim (malungkot), at ang kanyang kalooban ay napupuspos ng pagkapoot!

وَإِذَا بُشِّرَ أَحَدُهُم بِٱلْأُنثَىٰ ظَلَّ وَجْهُهُۥ مُسْوَدًّا وَهُوَ كَظِيمٌ ﴿٥٨﴾

59. Ikinukubli niya ang kanyang sarili sa mga tao dahilan sa kasamaan ng ibinalita sa kanya. (Na nag-iisip) na kanya bang pananatilihin ang batang babae na nagbigay ng kahihiyan sa kanya, o kanyang ililibing (siya) sa lupa? Katotohanang karumal-dumal ang kanilang pasya.

يَتَوَٰرَىٰ مِنَ ٱلْقَوْمِ مِن سُوٓءِ مَا بُشِّرَ بِهِۦٓ ۚ أَيُمْسِكُهُۥ عَلَىٰ هُونٍ أَمْ يَدُسُّهُۥ فِى ٱلتُّرَابِ ۗ أَلَا سَآءَ مَا يَحْكُمُونَ ﴿٥٩﴾

60. At sa mga hindi sumasampalataya sa Kabilang Buhay, (sa kanila) ang masamang katangian, at kay Allah ang Dakilang (Mabuting) Katangian. At Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

لِلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ بِٱلْءَاخِرَةِ مَثَلُ ٱلسَّوْءِ ۖ وَلِلَّهِ ٱلْمَثَلُ ٱلْأَعْلَىٰ ۚ وَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٦٠﴾

61. At kung si Allah ay sasakmal sa sangkatauhan dahilan sa kanilang kamalian, Siya ay hindi mag-iiwan dito (sa kalupaan) ng isa mang buhay na nilalang, datapuwa't

وَلَوْ يُؤَاخِذُ ٱللَّهُ ٱلنَّاسَ بِظُلْمِهِم مَّا تَرَكَ عَلَيْهَا مِن دَآبَّةٍ وَلَٰكِن يُؤَخِّرُهُمْ إِلَىٰٓ أَجَلٍ مُّسَمًّى ۖ فَإِذَا جَآءَ أَجَلُهُمْ لَا يَسْتَـْٔخِرُونَ

ipinagpapaliban Niya ito sa isang natataningang panahon, at kung ang kanilang kamatayan ay sumapit na, hindi nila ito magagawang antalahin maging sa isang oras (o isang saglit), gayundin naman, ito ay hindi nila maaaring pangunahan.

سَاعَةً وَلَا يَسْتَقْدِمُونَ ﴿٦١﴾

62. Kanilang iniaakibat kay Allah ang bagay na hindi nila naiibigan (sa kanilang sarili), at ang kanilang dila ay nagsasabi ng kasinungalingan na ang mabuting hantungan ay mapapasakanila. Walang alinlangan na para sa kanila ang Apoy, at sila ay iiwanan dito na pinabayaan.

وَيَجْعَلُونَ لِلَّهِ مَا يَكْرَهُونَ وَتَصِفُ أَلْسِنَتُهُمُ الْكَذِبَ أَنَّ لَهُمُ الْحُسْنَىٰ لَا جَرَمَ أَنَّ لَهُمُ النَّارَ وَأَنَّهُم مُّفْرَطُونَ ﴿٦٢﴾

63. Ako (Allah) ay nanunumpa, katiyakang isinugo Namin (ang mga Sugo) sa mga bansa (pamayanan) nang una pa sa iyo (O Muhammad), datapuwa't ginawa ni Satanas na ang kanilang mga gawa (na masasama) ay nakararahuyo. Kaya't siya (Satanas) ang kanilang *Wali* (Tagatangkilik) sa ngayon (alalaong baga, sa mundong ito), at sasakanila ang kasakit-sakit na kaparusahan.

تَاللَّهِ لَقَدْ أَرْسَلْنَا إِلَىٰ أُمَمٍ مِّن قَبْلِكَ فَزَيَّنَ لَهُمُ الشَّيْطَانُ أَعْمَالَهُمْ فَهُوَ وَلِيُّهُمُ الْيَوْمَ وَلَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٦٣﴾

64. At hindi Namin ipinanaog ang Aklat (ang Qur'an) sa iyo (O Muhammad) maliban lamang na iyong maipaliwanag sa kanila nang malinaw yaong mga bagay na hindi nila pinagkakasunduan, at (bilang) patnubay at habag sa mga tao na sumasampalataya.

وَمَا أَنزَلْنَا عَلَيْكَ الْكِتَابَ إِلَّا لِتُبَيِّنَ لَهُمُ الَّذِي اخْتَلَفُوا فِيهِ وَهُدًى وَرَحْمَةً لِّقَوْمٍ يُؤْمِنُونَ ﴿٦٤﴾

65. At si Allah ang nagpapamalisbis ng tubig (ulan) mula sa alapaap at Kanyang binuhay ang kalupaan sa pamamagitan nito, matapos na maging tigang. Katotohanan, naririto ang isang Tanda (malinaw na katibayan) para sa mga tao na nakikinig (sumusunod kay Allah).

وَاللَّهُ أَنزَلَ مِنَ السَّمَاءِ مَاءً فَأَحْيَا بِهِ الْأَرْضَ بَعْدَ مَوْتِهَا ۗ إِنَّ فِي ذَٰلِكَ لَآيَةً لِّقَوْمٍ يَسْمَعُونَ ﴿٦٥﴾

66. At katotohanan! Sa mga bakahan (hayupan) ay mayroong isang aral sa inyo. Aming biniyayaan kayo ng inumin kung ano ang nasa kanilang tiyan (puson), mula sa pagitan ng dumi at dugo, (ay may) dalisay na gatas, na malinamnam sa dila ng mga umiinom.

وَإِنَّ لَكُمْ فِي الْأَنْعَامِ لَعِبْرَةً ۖ نُّسْقِيكُم مِّمَّا فِي بُطُونِهِ مِن بَيْنِ فَرْثٍ وَدَمٍ لَّبَنًا خَالِصًا سَائِغًا لِّلشَّارِبِينَ ﴿٦٦﴾

67. At mula sa mga bunga ng palmera (datiles) at ubas, kayo ay nakakakuha ng matapang na inumin (ito ay bago ang pag-uutos, na

وَمِن ثَمَرَاتِ النَّخِيلِ وَالْأَعْنَابِ تَتَّخِذُونَ مِنْهُ سَكَرًا وَرِزْقًا حَسَنًا ۗ إِنَّ فِي ذَٰلِكَ لَآيَةً لِّقَوْمٍ

ipinagbabawal ang nakalalasing na inumin), at isang mabuting panustos (na ikabubuhay). Katotohanan, naririto ang isang Tanda para sa mga tao na may pang-unawa.

يَعْقِلُونَ ﴿٦٧﴾

68. At ang iyong Panginoon ay nagbigay ng inspirasyon sa Bubuyog, na nagsasabi: "Gawin mong tahanan ang kabundukan, at mga punongkahoy at anumang kanilang itinatayo.

وَأَوْحَىٰ رَبُّكَ إِلَى النَّحْلِ أَنِ اتَّخِذِي مِنَ الْجِبَالِ بُيُوتًا وَمِنَ الشَّجَرِ وَمِمَّا يَعْرِشُونَ ﴿٦٨﴾

69. At matapos, ay iyong kainin ang lahat ng mga bungangkahoy (prutas), at sundin ang mga pamamaraan ng iyong Panginoon na ginawa Niyang magaan (para sa iyo)." Sa kalaunan, ay may lalabas sa kanilang tiyan (puson), na isang inumin na may iba't ibang kulay (pulot-pukyutan), na naroroon ang panglunas (sa karamdaman) ng mga tao. Katotohanan, naririto ang isang Tanda sa mga tao na may pag-iisip.

ثُمَّ كُلِي مِن كُلِّ الثَّمَرَاتِ فَاسْلُكِي سُبُلَ رَبِّكِ ذُلُلًا ۚ يَخْرُجُ مِن بُطُونِهَا شَرَابٌ مُّخْتَلِفٌ أَلْوَانُهُ فِيهِ شِفَاءٌ لِّلنَّاسِ ۗ إِنَّ فِي ذَٰلِكَ لَآيَةً لِّقَوْمٍ يَتَفَكَّرُونَ ﴿٦٩﴾

70. At si Allah ang lumikha sa inyo, at pagkaraan, ay papapangyarihin Niya ang inyong kamatayan, at ang ilan sa inyo ay hahayaan hanggang (sa umabot) sa kahabag-habag na katandaan (pagiging ulyanin), upang (siya) ay (magiging) walang anumang nalalaman, matapos na siya ay nagtamo ng kaalaman. Katotohanan! Si Allah ang Ganap na Maalam, ang may Kapangyarihan.

وَاللَّهُ خَلَقَكُمْ ثُمَّ يَتَوَفَّاكُمْ ۗ وَمِنكُم مَّن يُرَدُّ إِلَىٰ أَرْذَلِ الْعُمُرِ لِكَيْ لَا يَعْلَمَ بَعْدَ عِلْمٍ شَيْئًا ۗ إِنَّ اللَّهَ عَلِيمٌ قَدِيرٌ ﴿٧٠﴾

71. At si Allah ang nagtalaga sa ilan sa inyo na maging higit sa iba sa kayamanan at ari-arian (alalaong baga, may mayaman at may mahirap). At sila na biniyayaan (ng higit) ay hindi magpapamana ng kanilang kayamanan at mga ari-arian sa kanilang mga alipin, upang sila ay maging kapantay nila sa gayong kalagayan.[36] Sila ba ay nagtatatwa sa kagandahang-loob ni Allah?

وَاللَّهُ فَضَّلَ بَعْضَكُمْ عَلَىٰ بَعْضٍ فِي الرِّزْقِ ۚ فَمَا الَّذِينَ فُضِّلُوا بِرَادِّي رِزْقِهِمْ عَلَىٰ مَا مَلَكَتْ أَيْمَانُهُمْ فَهُمْ فِيهِ سَوَاءٌ ۚ أَفَبِنِعْمَةِ اللَّهِ يَجْحَدُونَ ﴿٧١﴾

72. At si Allah ay nagkaloob sa inyo ng mga asawang babae mula sa inyong uri, at (Kanyang) ginawaran kayo mula sa inyong mga asawang babae ng mga anak at mga apo, at nagbigay sa inyo ng mabuting panustos (na ikabubuhay). Sila baga ay naniniwala sa mga

وَاللَّهُ جَعَلَ لَكُم مِّنْ أَنفُسِكُمْ أَزْوَاجًا وَجَعَلَ لَكُم مِّنْ أَزْوَاجِكُم بَنِينَ وَحَفَدَةً وَرَزَقَكُم مِّنَ الطَّيِّبَاتِ ۚ أَفَبِالْبَاطِلِ يُؤْمِنُونَ وَبِنِعْمَتِ اللَّهِ هُمْ يَكْفُرُونَ ﴿٧٢﴾

[36] Ito ay isang halimbawa na itinambad ni Allah sa mga pagano na nag-aakibat ng katambal at mga huwad na diyus-diyosan kay Allah; na sila ay hindi papayag na hatiin ang kanilang kayamanan at mga ari-arian sa kanilang mga alipin, kung gayon, bakit sila pumayag na ang huwad na mga diyus-diyosan ay maging kahati ni Allah sa pagsamba sa Kanya?

huwad na diyus-diyosan at nagtatatwa sa kagandahang-loob ni Allah (sa pamamagitan ng hindi pagsamba sa Kanya)?

وَيَعْبُدُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ مَا لَا يَمْلِكُ لَهُمْ رِزْقًا مِّنَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ شَيْـًٔا وَلَا يَسْتَطِيعُونَ ﴿٧٣﴾

73. At sila ay sumasamba sa mga iba maliban pa kay Allah, - sa mga katulad nila na hindi makapagtatamo at makapag-aangkin ng anumang panustos na ikabubuhay para sa kanila mula sa mga kalangitan at kalupaan.

فَلَا تَضْرِبُوا۟ لِلَّهِ ٱلْأَمْثَالَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ يَعْلَمُ وَأَنتُمْ لَا تَعْلَمُونَ ﴿٧٤﴾

74. Kaya't huwag kayong magtambad ng mga paghahambing kay Allah (sapagkat walang anuman ang katulad Niya, gayundin naman, Siya ay walang nakakahawig). Katiyakan! Si Allah ang nakababatid, at kayo ay hindi.

۞ ضَرَبَ ٱللَّهُ مَثَلًا عَبْدًا مَّمْلُوكًا لَّا يَقْدِرُ عَلَىٰ شَىْءٍ وَمَن رَّزَقْنَٰهُ مِنَّا رِزْقًا حَسَنًا فَهُوَ يُنفِقُ مِنْهُ سِرًّا وَجَهْرًا ۖ هَلْ يَسْتَوُۥنَ ۚ ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ ۚ بَلْ أَكْثَرُهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٧٥﴾

75. Si Allah ay nagtambad sa halimbawa (ng dalawang tao, isang sumasampalataya at isang hindi nananampalataya); ang isang alipin (na walang pananampalataya) na nasa pagmamay-ari ng iba, siya ay walang anumang kapangyarihan, at ang (isa naman), ang tao (na sumasampalataya), na sa kanya ay Aming ipinagkaloob ang isang mabuting panustos na ikabubuhay mula sa Amin, at kanyang ginugugol ito ng lingid at hayagan. Sila ba ay magkapantay? (Sa anumang kaparaanan, ay hindi). Ang lahat ng mga pagpupuri at pasasalamat ay kay Allah. Datapuwa't, ang karamihan sa kanila ay hindi nakakaalam.

وَضَرَبَ ٱللَّهُ مَثَلًا رَّجُلَيْنِ أَحَدُهُمَآ أَبْكَمُ لَا يَقْدِرُ عَلَىٰ شَىْءٍ وَهُوَ كَلٌّ عَلَىٰ مَوْلَىٰهُ أَيْنَمَا يُوَجِّههُّ لَا يَأْتِ بِخَيْرٍ ۖ هَلْ يَسْتَوِى هُوَ ۙ وَمَن يَأْمُرُ بِٱلْعَدْلِ ۙ وَهُوَ عَلَىٰ صِرَٰطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿٧٦﴾

76. At si Allah ay nagtambad (ng isa pang) halimbawa ng dalawang tao, ang isa (na walang pananampalataya) sa kanila ay pipi, na walang kapangyarihan sa anumang bagay, at siya ay isang pabigat sa kanyang amo, kahit sa anumang paraan na siya ay turuan, siya ay walang nagagawang mabuti. Ang gayon kayang tao ay kapantay niyaong isa (na nananampalataya sa Kaisahan ni Allah), at nagpapatupad ng katarungan, at siya sa kanyang sarili ay nasa Matuwid na Landas?

وَلِلَّهِ غَيْبُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ وَمَآ أَمْرُ ٱلسَّاعَةِ إِلَّا كَلَمْحِ ٱلْبَصَرِ أَوْ هُوَ أَقْرَبُ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿٧٧﴾

77. At kay Allah ang pag-aangkin ng lahat ng nakalingid sa mga kalangitan at kalupaan. Ang Kapasiyahan tungkol sa Huling Oras (katapusan ng mundo) ay isa lamang kurap ng mata, o maaaring kagyat pa. Katotohanan! Si Allah ay may Kapangyarihan sa lahat ng bagay.

78. At si Allah ang nagpalabas sa inyo mula sa sinapupunan ng inyong ina habang kayo ay walang muwang. At Kanyang ginawaran kayo ng pandinig, paningin at puso upang kayo ay magbigay-pasalamat (kay Allah).

وَٱللَّهُ أَخْرَجَكُم مِّنۢ بُطُونِ أُمَّهَٰتِكُمْ لَا تَعْلَمُونَ شَيْـًٔا وَجَعَلَ لَكُمُ ٱلسَّمْعَ وَٱلْأَبْصَٰرَ وَٱلْأَفْـِٔدَةَ ۙ لَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ ﴿٧٨﴾

79. Hindi baga nila namamasdan ang mga ibon na nakapaibabaw (lumilipad) sa gitna ng alapaap? Wala ng iba pang naghahawak sa kanila maliban kay Allah (walang nagbigay sa kanila ng kakayahan na makalipad maliban kay Allah). Katotohanan, naririto ang mga maliwanag na tanda para sa mga tao na nananampalataya (sa Kaisahan ni Allah).

أَلَمْ يَرَوْا۟ إِلَى ٱلطَّيْرِ مُسَخَّرَٰتٍ فِى جَوِّ ٱلسَّمَآءِ ۚ مَا يُمْسِكُهُنَّ إِلَّا ٱللَّهُ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَـَٔايَٰتٍ لِّقَوْمٍ يُؤْمِنُونَ ﴿٧٩﴾

80. At si Allah ang gumawa ng inyong mga tahanan na inyong pahingahan na maging tahimik para sa inyo, at gumawa para sa inyo mula sa mga balat ng bakahan (hayupan) ng mga tirahan (alalaong baga, mga tolda o kulandong), na madaling bitbitin kung kayo ay naglalakbay at kung kayo ay nagpapahingalay (sa inyong paglalakbay), at (gumawa para sa inyo) mula sa kanilang balahibo, balat at buhok (balahibo ng tupa, balat ng kamelyo at buhok ng kambing), ng pampalamuti (alalaong baga, ang mga alpombra, kumot, atbp.) na inyong napapakinabangan sa pansamantalang kaginhawahan.

وَٱللَّهُ جَعَلَ لَكُم مِّنۢ بُيُوتِكُمْ سَكَنًا وَجَعَلَ لَكُم مِّن جُلُودِ ٱلْأَنْعَٰمِ بُيُوتًا تَسْتَخِفُّونَهَا يَوْمَ ظَعْنِكُمْ وَيَوْمَ إِقَامَتِكُمْ ۙ وَمِنْ أَصْوَافِهَا وَأَوْبَارِهَا وَأَشْعَارِهَآ أَثَٰثًا وَمَتَٰعًا إِلَىٰ حِينٍ ﴿٨٠﴾

81. At si Allah ang gumawa para sa inyo ng mga lilim mula sa bagay na Kanyang nilikha, at gumawa para sa inyo ng mga pook (katulad ng mga yungib) na mapagkakanlungan sa mga kabundukan, at ginawa Niya para sa inyo ang mga kasuutan upang pangalagaan kayo laban sa init (at lamig), at mga kasuutan (baluti o kutamaya) na nangangalaga sa inyo sa pakikipaglaban. Kaya't sa ganito ay pinaging-ganap Niya ang Kanyang biyaya sa inyo, upang kayo ay magsuko ng inyong sarili sa Kanyang Kalooban (sa Islam).

وَٱللَّهُ جَعَلَ لَكُم مِّمَّا خَلَقَ ظِلَٰلًا وَجَعَلَ لَكُم مِّنَ ٱلْجِبَالِ أَكْنَٰنًا وَجَعَلَ لَكُمْ سَرَٰبِيلَ تَقِيكُمُ ٱلْحَرَّ وَسَرَٰبِيلَ تَقِيكُم بَأْسَكُمْ ۚ كَذَٰلِكَ يُتِمُّ نِعْمَتَهُۥ عَلَيْكُمْ لَعَلَّكُمْ تُسْلِمُونَ ﴿٨١﴾

82. At kung sila ay tumalikod, ang iyong tungkulin (O Muhammad) ay upang

فَإِن تَوَلَّوْا۟ فَإِنَّمَا عَلَيْكَ ٱلْبَلَٰغُ ٱلْمُبِينُ ﴿٨٢﴾

maiparating lamang (ang Mensahe) sa maliwanag na paraan.

يَعْرِفُونَ نِعْمَتَ ٱللَّهِ ثُمَّ يُنكِرُونَهَا وَأَكْثَرُهُمُ ٱلْكَٰفِرُونَ ﴿٨٣﴾

83. Nababatid nila ang pagpapala ni Allah, datapuwa't itinatatwa nila ito (sa pamamagitan nang pagsamba sa mga iba tangi pa kay Allah), at ang karamihan sa kanila ay hindi sumasampalataya.

وَيَوْمَ نَبْعَثُ مِن كُلِّ أُمَّةٍ شَهِيدًا ثُمَّ لَا يُؤْذَنُ لِلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَلَا هُمْ يُسْتَعْتَبُونَ ﴿٨٤﴾

84. At (alalahanin) ang Araw na Aming ititindig sa bawat bansa (pamayanan) ang isang saksi (ang kanilang Sugo), at sila na hindi sumampalataya ay hindi bibigyan ng pagkakataon (na magtanghal ng mga dahilan nang pag-iwas o palusot), gayundin, sila ay hindi pahihintulutan (na makabalik sa mundo), upang humingi ng Kapatawaran ni Allah.

وَإِذَا رَءَا ٱلَّذِينَ ظَلَمُوا۟ ٱلْعَذَابَ فَلَا يُخَفَّفُ عَنْهُمْ وَلَا هُمْ يُنظَرُونَ ﴿٨٥﴾

85. At kapag sila na nagsigawa ng kamalian (ang mga hindi sumasampalataya) ay makamamasid ng kaparusahan, at ito ay hindi pagagaanin para sa kanila, gayundin, sila ay hindi bibigyan ng palugit (puwang na panahon).

وَإِذَا رَءَا ٱلَّذِينَ أَشْرَكُوا۟ شُرَكَآءَهُمْ قَالُوا۟ رَبَّنَا هَٰٓؤُلَآءِ شُرَكَآؤُنَا ٱلَّذِينَ كُنَّا نَدْعُوا۟ مِن دُونِكَ ۖ فَأَلْقَوْا۟ إِلَيْهِمُ ٱلْقَوْلَ إِنَّكُمْ لَكَٰذِبُونَ ﴿٨٦﴾

86. At kapag sila na nagtataguri ng mga katambal kay Allah ay makamamalas (sa mga tinatawag nila) na mga katambal (ni Allah), sila ay magsasabi: " O Aming Panginoon! Sila ang mga katambal na aming iniaakibat sa pagsamba sa Inyo." Datapuwa't sila (mga itinatambal na diyus-diyosan) ay magpupukol ng kanilang salita sa kanila (at magsasabi): "Katiyakan! Kayo ay tunay na mga sinungaling!"

وَأَلْقَوْا۟ إِلَى ٱللَّهِ يَوْمَئِذٍ ٱلسَّلَمَ ۖ وَضَلَّ عَنْهُم مَّا كَانُوا۟ يَفْتَرُونَ ﴿٨٧﴾

87. At sila ay magtatanghal (ng kanilang ganap) na pagsuko kay Allah sa Araw na yaon, at ang mga huwad na diyus-diyosan na kanilang kinatha (ang lahat ng kanilang pinananalanginan maliban pa kay Allah, alalaong baga, ang mga imahen, mga banal na tao, mga pare, mga monako, mga angel, mga *Jinn*, si Anghel Gabriel at mga Sugo) ay maglalaho sa kanila.

ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَصَدُّوا۟ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ زِدْنَٰهُمْ عَذَابًا فَوْقَ ٱلْعَذَابِ بِمَا كَانُوا۟ يُفْسِدُونَ ﴿٨٨﴾

88. Sila na hindi sumasampalataya at humahadlang (sa mga tao) tungo sa Landas ni Allah, para sa kanila, Kami ay magdaragdag ng kaparusahan sa ibabaw ng (isang) kaparusahan;

sapagkat sila ay nagsipagkalat ng katampalasanan (kabuhungan).

وَيَوْمَ نَبْعَثُ فِي كُلِّ أُمَّةٍ شَهِيدًا عَلَيْهِم مِّنْ أَنفُسِهِمْ وَجِئْنَا بِكَ شَهِيدًا عَلَىٰ هَٰؤُلَاءِ ۚ وَنَزَّلْنَا عَلَيْكَ الْكِتَابَ تِبْيَانًا لِّكُلِّ شَيْءٍ وَهُدًى وَرَحْمَةً وَبُشْرَىٰ لِلْمُسْلِمِينَ ﴿٨٩﴾

89. At (alalahanin) ang Araw na Aming itatindig sa bawat bansa (pamayanan) ang isang saksi mula sa kanilang lipon nang laban sa kanila. At ikaw (O Muhammad) ay Aming itatanghal bilang isang saksi laban sa mga ito. At Aming ipinanaog sa iyo ang Aklat (ang Qur'an) bilang paghahantad ng lahat ng bagay, isang patnubay, isang Habag, at mabuting balita para sa kanila na nagsuko ng kanilang sarili (kay Allah bilang mga Muslim).

۞ إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ ۚ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ ﴿٩٠﴾

90. Katotohanan, si Allah ay nagtatagubilin ng katarungan at mabuting asal (mabuting pag-uugali), at pagbibigay (ng tulong) sa mga kamag-anak, at nagbabawal ng *Al-Fasha* (alalaong baga, lahat ng masasamang gawa, katulad ng bawal na pakikipagtalik, pagsuway sa magulang, pagsamba sa mga diyus-diyosan, pagsisinungaling, pagsaksi ng walang katotohanan, pagpatay ng buhay ng walang kapamahalaan), at *Al-Munkar* (alalaong baga, lahat ng mga bawal sa batas ng Islam; lahat ng uri ng pagsamba sa mga diyus-diyosan, kawalan ng pananalig, at lahat ng uri ng kasamaan) at *Al-Baghi* (alalaong baga, ang lahat ng uri ng pangmamaliit at pang-aapi) ay Kanyang pinaaalalahanan kayo, upang kayo ay makaala-ala (makinig at sumunod).

وَأَوْفُوا بِعَهْدِ اللَّهِ إِذَا عَاهَدتُّمْ وَلَا تَنقُضُوا الْأَيْمَانَ بَعْدَ تَوْكِيدِهَا وَقَدْ جَعَلْتُمُ اللَّهَ عَلَيْكُمْ كَفِيلًا ۚ إِنَّ اللَّهَ يَعْلَمُ مَا تَفْعَلُونَ ﴿٩١﴾

91. At inyong tuparin ang kasunduan ni Allah nang kayo ay makipagkasundo, at huwag ninyong labagin (sirain) ang inyong mga sumpa (pangako) matapos na inyong pagtibayin ito, at katiyakang kayo ay nagtalaga kay Allah bilang inyong Tagapanagot (Tagapaggarantiya). Katotohanan! Talastas ni Allah ang inyong ginagawa.

وَلَا تَكُونُوا كَالَّتِي نَقَضَتْ غَزْلَهَا مِن بَعْدِ قُوَّةٍ أَنكَاثًا تَتَّخِذُونَ أَيْمَانَكُمْ دَخَلًا بَيْنَكُمْ أَن تَكُونَ أُمَّةٌ هِيَ أَرْبَىٰ مِنْ أُمَّةٍ ۚ

92. At huwag (sirain ang inyong kasunduan na) katulad ng isang babae na tumatastas ng kanyang sinulid matapos na ito ay mahigpit na naikidkid, sa pamamagitan ng inyong panunumpa bilang isang paraan ng pandaraya sa pagitan ninyo; sa dahilan, na ang isang

pamayanan ay higit na marami kaysa sa ibang pamayanan. Si Allah ay sumusubok lamang sa inyo sa pamamagitan nito (alalaong baga, siya na sumusunod kay Allah at tumutupad ng Kasunduan ni Allah at siya na sumusuway kay Allah at sumisira sa Kasunduan ni Allah). At sa Araw ng Muling Pagkabuhay, katiyakan na Kanyang gagawing maliwanag sa inyo ang mga bagay na hindi ninyo pinagkakasunduan.

إِنَّمَا يَبْلُوكُمُ ٱللَّهُ بِهِۦ ۚ وَلَيُبَيِّنَنَّ لَكُمْ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ مَا كُنتُمْ فِيهِ تَخْتَلِفُونَ ﴿٩٢﴾

93. At kung niloob lamang ni Allah, Kanyang magagawa kayong (lahat) na maging isang bansa, datapuwa't hinahayaan Niya ang sinuman na Kanyang maibigan na mapaligaw, at pinapatnubayan Niya (sa tamang landas) ang sinuman na Kanyang mapusuan. At katiyakang kayo ay tatawagin upang magsulit ng inyong ginawa.

وَلَوْ شَآءَ ٱللَّهُ لَجَعَلَكُمْ أُمَّةً وَٰحِدَةً وَلَٰكِن يُضِلُّ مَن يَشَآءُ وَيَهْدِى مَن يَشَآءُ ۚ وَلَتُسْـَٔلُنَّ عَمَّا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٩٣﴾

94. At huwag ninyong gawin ang inyong mga sumpa bilang paraan ng panlilinlang sa pagitan ninyo, sapagka't (kayo ay magkakasala na) katulad ng isang paa na nadulas matapos na maitindig nang matatag, at kayo ay lalasap ng masamang (kaparusahan sa mundong ito) dahilan sa inyong paghadlang (sa mga tao) tungo sa Landas ni Allah, at sasainyo ang matinding kaparusahan (ng Impiyerno sa Kabilang Buhay).

وَلَا تَتَّخِذُوٓا۟ أَيْمَٰنَكُمْ دَخَلًۢا بَيْنَكُمْ فَتَزِلَّ قَدَمٌۢ بَعْدَ ثُبُوتِهَا وَتَذُوقُوا۟ ٱلسُّوٓءَ بِمَا صَدَدتُّمْ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ ۖ وَلَكُمْ عَذَابٌ عَظِيمٌ ﴿٩٤﴾

95. At huwag ipagpalit (ipagbili) ang kasunduan ni Allah sa maliit na halaga (pakinabang). Katotohanan! Kung ano ang nakalaan mula kay Allah ay higit na mainam sa inyo kung inyo lamang nalalaman.

وَلَا تَشْتَرُوا۟ بِعَهْدِ ٱللَّهِ ثَمَنًا قَلِيلًا ۚ إِنَّمَا عِندَ ٱللَّهِ هُوَ خَيْرٌ لَّكُمْ إِن كُنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿٩٥﴾

96. Kung anuman ang nasa sa inyo, ito ay mapaparam (mauubos), at kung anuman ang nasa kay Allah, ito ay mananatili. At katiyakang sila na matitiyaga ay Aming babayaran ng gantimpala ng ayon sa pinakamainam na kanilang ginawa.

مَا عِندَكُمْ يَنفَدُ ۖ وَمَا عِندَ ٱللَّهِ بَاقٍ ۗ وَلَنَجْزِيَنَّ ٱلَّذِينَ صَبَرُوٓا۟ أَجْرَهُم بِأَحْسَنِ مَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿٩٦﴾

97. Sinuman ang gumagawa ng kabutihan, maging lalaki man o babae, habang siya ay isang sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah), katotohanan, sa kanya ay igagawad Namin ang

مَنْ عَمِلَ صَٰلِحًا مِّن ذَكَرٍ أَوْ أُنثَىٰ وَهُوَ مُؤْمِنٌ فَلَنُحْيِيَنَّهُۥ حَيَوٰةً طَيِّبَةً ۖ وَلَنَجْزِيَنَّهُمْ أَجْرَهُم بِأَحْسَنِ مَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿٩٧﴾

isang mabuting buhay (sa mundong ito), at katiyakan na Aming babayaran sila ng gantimpala ng ayon sa pinakamainam sa kanilang ginawa (ang Paraiso sa Kabilang Buhay).

فَإِذَا قَرَأْتَ ٱلْقُرْءَانَ فَٱسْتَعِذْ بِٱللَّهِ مِنَ ٱلشَّيْطَٰنِ ٱلرَّجِيمِ ﴿٩٨﴾

98. Kaya't kung nais ninyong dalitin (basahin) ang Qur'an, manikluhod kayo ng kalinga ni Allah (alalaong baga, bigkasin ang: *Audhu billahi minas Shaitanir Rajeem* [Iadya nawa ako ni Allah sa isinumpang si Satanas]) laban kay Satanas, ang isinumpa.

إِنَّهُۥ لَيْسَ لَهُۥ سُلْطَٰنٌ عَلَى ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَلَىٰ رَبِّهِمْ يَتَوَكَّلُونَ ﴿٩٩﴾

99. Katotohanan! Siya (Satanas) ay walang kapangyarihan na makapapanaig sa mga nananampalataya at naglalagay ng kanilang pagtitiwala sa kanilang Panginoon (Allah).

إِنَّمَا سُلْطَٰنُهُۥ عَلَى ٱلَّذِينَ يَتَوَلَّوْنَهُۥ وَٱلَّذِينَ هُم بِهِۦ مُشْرِكُونَ ﴿١٠٠﴾

100. Ang kanyang kapangyarihan ay para lamang sa mga tumatalima at sumusunod sa kanya at sa mga nag-aakibat ng katambal sa Kanya (Allah).

وَإِذَا بَدَّلْنَآ ءَايَةً مَّكَانَ ءَايَةٍ ۙ وَٱللَّهُ أَعْلَمُ بِمَا يُنَزِّلُ قَالُوٓا۟ إِنَّمَآ أَنتَ مُفْتَرٍۭ ۚ بَلْ أَكْثَرُهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ﴿١٠١﴾

101. At kung Aming palitan ang isang Talata (ng Qur'an, alalaong baga, ang pawalang-bisa [baguhin] ang pag-uutos nito) sa halip ng iba, at si Allah ang higit na nakakaalam kung ano ang pinakamainam sa Kanyang ipinapahayag. Sila (ang mga hindi sumasampalataya) ay nagsabi: "Ikaw (O Muhammad) ay isa lamang sinungaling!" (Ito ay) hindi totoo, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay walang nalalaman.

قُلْ نَزَّلَهُۥ رُوحُ ٱلْقُدُسِ مِن رَّبِّكَ بِٱلْحَقِّ لِيُثَبِّتَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَهُدًى وَبُشْرَىٰ لِلْمُسْلِمِينَ ﴿١٠٢﴾

102. Ipagbadya (O Muhammad), ang *Ruh-ul-Qudus* (Anghel Gabriel) ang nagdala nito (ang Qur'an) nang pababa mula sa iyong Panginoon ng may katotohanan, upang tumatag (at lumakas ang pananalig) ng mga sumasampalataya at isang patnubay at mabuting balita sa mga Muslim.

وَلَقَدْ نَعْلَمُ أَنَّهُمْ يَقُولُونَ إِنَّمَا يُعَلِّمُهُۥ بَشَرٌ ۗ لِّسَانُ ٱلَّذِى يُلْحِدُونَ إِلَيْهِ أَعْجَمِىٌّ وَهَٰذَا لِسَانٌ عَرَبِىٌّ مُّبِينٌ ﴿١٠٣﴾

103. At katiyakang Aming nababatid na sila (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mga pagano) ay nagsasabi: "Isa lamang tao ang nagturo sa kanya (Muhammad)." (Sila ay nagsisinungaling, sapagka't) ang dila (salita) ng tao na kanilang tinutukoy ay banyaga, samantalang ito (ang Qur'an) ay isang maliwanag na dilang (salitang) Arabik.

104. Katotohanan! Sila na hindi sumasampalataya sa *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda) ni Allah, - si Allah ay hindi mamamatnubay sa kanila at sasakanila ang kasakit-sakit na kaparusahan.

إِنَّ ٱلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ بِـَٔايَـٰتِ ٱللَّهِ لَا يَهْدِيهِمُ ٱللَّهُ وَلَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿١٠٤﴾

105. Sila lamang na hindi nananampalataya sa *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda) ni Allah, at sila na kumakatha ng kabulaanan, sila nga ang mga sinungaling.

إِنَّمَا يَفْتَرِى ٱلْكَذِبَ ٱلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ بِـَٔايَـٰتِ ٱللَّهِ ۖ وَأُو۟لَـٰٓئِكَ هُمُ ٱلْكَـٰذِبُونَ ﴿١٠٥﴾

106. Sinuman ang magtakwil sa pananampalataya matapos na siya ay manampalataya (siya nga ang sinungaling), maliban sa kanya na sapilitang pinagawa nito at ang puso ay nakasadlak sa Pananalig, - subalit sila na naglantad ng kanilang dibdib sa kawalan ng pananalig, - sasapit sa kanila ang Poot ni Allah, at sasakanila ang matinding kaparusahan.

مَن كَفَرَ بِٱللَّهِ مِنۢ بَعْدِ إِيمَـٰنِهِۦٓ إِلَّا مَنْ أُكْرِهَ وَقَلْبُهُۥ مُطْمَئِنٌّۢ بِٱلْإِيمَـٰنِ وَلَـٰكِن مَّن شَرَحَ بِٱلْكُفْرِ صَدْرًا فَعَلَيْهِمْ غَضَبٌ مِّنَ ٱللَّهِ ۖ وَلَهُمْ عَذَابٌ عَظِيمٌ ﴿١٠٦﴾

107. Ito'y sa dahilang higit na minahal (at ninais nila) ang buhay sa mundong ito nang higit sa Kabilang Buhay. At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na hindi nananampalataya.

ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمُ ٱسْتَحَبُّوا۟ ٱلْحَيَوٰةَ ٱلدُّنْيَا عَلَى ٱلْـَٔاخِرَةِ وَأَنَّ ٱللَّهَ لَا يَهْدِى ٱلْقَوْمَ ٱلْكَـٰفِرِينَ ﴿١٠٧﴾

108. Sila yaong ang kanilang puso, pandinig (mga tainga), at mga mata (paningin) ay tinakpan ni Allah. At sila ay hindi nakikinig at sumusunod!

أُو۟لَـٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ طَبَعَ ٱللَّهُ عَلَىٰ قُلُوبِهِمْ وَسَمْعِهِمْ وَأَبْصَـٰرِهِمْ ۖ وَأُو۟لَـٰٓئِكَ هُمُ ٱلْغَـٰفِلُونَ ﴿١٠٨﴾

109. Walang alinlangan, sa Kabilang Buhay, sila ang magiging talunan.

لَا جَرَمَ أَنَّهُمْ فِى ٱلْـَٔاخِرَةِ هُمُ ٱلْخَـٰسِرُونَ ﴿١٠٩﴾

110. At katotohanan! Ang iyong Panginoon, - sila na nagsilikas matapos na sila ay ilagay sa pagsubok at pagkaraan (sila) ay nakipaglaban (sa Kapakanan ni Allah) at naging matiisin (matiyaga), katotohanan, ang iyong Panginoon, matapos ito ay Lagi nang Nagpapatawad (sa kanila), ang Pinakamaawain.

ثُمَّ إِنَّ رَبَّكَ لِلَّذِينَ هَاجَرُوا۟ مِنۢ بَعْدِ مَا فُتِنُوا۟ ثُمَّ جَـٰهَدُوا۟ وَصَبَرُوٓا۟ إِنَّ رَبَّكَ مِنۢ بَعْدِهَا لَغَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١١٠﴾

111. (Alalahanin) ang Araw na ang bawat isa ay tatambad na nakikipag-usap sa kanyang sarili (upang mangatwiran), at ang bawat isa ay babayaran nang ganap ayon sa kanyang ginawa (mabuti man o masama), at sila ay hindi

۞ يَوْمَ تَأْتِى كُلُّ نَفْسٍ تُجَـٰدِلُ عَن نَّفْسِهَا وَتُوَفَّىٰ كُلُّ نَفْسٍ مَّا عَمِلَتْ وَهُمْ لَا يُظْلَمُونَ ﴿١١١﴾

pakikitunguhan ng walang katarungan.

وَضَرَبَ ٱللَّهُ مَثَلًا قَرْيَةً كَانَتْ ءَامِنَةً مُّطْمَئِنَّةً يَأْتِيهَا رِزْقُهَا رَغَدًا مِّن كُلِّ مَكَانٍ فَكَفَرَتْ بِأَنْعُمِ ٱللَّهِ فَأَذَٰقَهَا ٱللَّهُ لِبَاسَ ٱلْجُوعِ وَٱلْخَوْفِ بِمَا كَانُوا۟ يَصْنَعُونَ ﴿١١٢﴾

112. At si Allah ay nagtanghal ng halimbawa ng isang pamayanan (Makkah) na naninirahan nang panatag at may kasiyahan; ang mga panustos na kabuhayan ay dumarating dito nang sagana mula sa lahat ng lugar, datapuwa't ito (ang pamayanan) ay nagtatwa sa mga Pagpapala (Kagandahang-Loob) ni Allah (sa kawalan ng damdamin ng pasasalamat). Kaya't hinayaan ni Allah na lasapin nito ang matinding gutom (salot) at pangamba dahilan sa kanilang ginagawang kasamaan (alalaong baga, ang pagtatakwil kay Propeta Muhammad).

وَلَقَدْ جَآءَهُمْ رَسُولٌ مِّنْهُمْ فَكَذَّبُوهُ فَأَخَذَهُمُ ٱلْعَذَابُ وَهُمْ ظَٰلِمُونَ ﴿١١٣﴾

113. At katotohanan! Dumatal sa kanila ang isang Sugo (Muhammad) mula sa kanilang lipon, datapuwa't kanilang itinakwil siya, kaya't ang kaparusahan ay sumakmal sa kanila habang sila ay *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian, buhong, buktot).

فَكُلُوا۟ مِمَّا رَزَقَكُمُ ٱللَّهُ حَلَٰلًا طَيِّبًا وَٱشْكُرُوا۟ نِعْمَتَ ٱللَّهِ إِن كُنتُمْ إِيَّاهُ تَعْبُدُونَ ﴿١١٤﴾

114. Kaya't kumain kayo ng pinahihintulutan at mabuting pagkain na ipinagkaloob ni Allah sa inyo. At magkaroon ng damdamin ng pasasalamat sa mga Pagpapala (Biyaya) ni Allah, kung Siya ang inyong sinasamba.

إِنَّمَا حَرَّمَ عَلَيْكُمُ ٱلْمَيْتَةَ وَٱلدَّمَ وَلَحْمَ ٱلْخِنزِيرِ وَمَآ أُهِلَّ لِغَيْرِ ٱللَّهِ بِهِۦ ۖ فَمَنِ ٱضْطُرَّ غَيْرَ بَاغٍ وَلَا عَادٍ فَإِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١١٥﴾

115. Kanyang ipinagbawal lamang sa inyo ang karne ng patay na hayop, ang dugo, ang laman ng baboy, at anumang hayop na kinatay bilang isang alay (sakripisyo) sa mga iba maliban pa kay Allah (o kinatay para sa mga imahen o diyus-diyosan o rito ang pangalan ni Allah ay hindi binanggit habang ito ay kinakatay). Datapuwa't kung sinuman ang napilitan dahil sa matinding pangangailangan na walang pagnanais na sumuway at hindi lumalabag (sa hangganan ng pagsuway), - kung gayon, si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَلَا تَقُولُوا۟ لِمَا تَصِفُ أَلْسِنَتُكُمُ ٱلْكَذِبَ هَٰذَا حَلَٰلٌ وَهَٰذَا حَرَامٌ لِّتَفْتَرُوا۟ عَلَى ٱللَّهِ ٱلْكَذِبَ ۚ إِنَّ ٱلَّذِينَ يَفْتَرُونَ عَلَى ٱللَّهِ ٱلْكَذِبَ

116. At huwag kayong mangusap ng kabulaanan na itinatambad ng inyong dila: "Ito ay pinahihintulutan, at ito ay ipinagbabawal", upang kayo ay makakatha ng mga

kasinungalingan laban kay Allah. Katotohanan! Sila na kumakatha ng kasinungalingan laban kay Allah ay hindi kailanman magtatagumpay.

لَا يُفْلِحُونَ ﴿١١٦﴾

117. Isang pansamantalang kasiyahan na lumilipas (ang sasakanila), datapuwa't sasakanila ang kasakit-sakit na kaparusahan.

مَتَٰعٌ قَلِيلٌ وَلَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿١١٧﴾

118. At sa kanila na mga Hudyo, Aming ipinagbawal ang gayong mga bagay na Aming binanggit sa iyo (O Muhammad) noon pang una[37] . At hindi Kami ang nagpariwara sa kanila, datapuwa't ipinariwara nila ang kanilang sarili.

وَعَلَى ٱلَّذِينَ هَادُوا۟ حَرَّمْنَا مَا قَصَصْنَا عَلَيْكَ مِن قَبْلُ ۖ وَمَا ظَلَمْنَٰهُمْ وَلَٰكِن كَانُوٓا۟ أَنفُسَهُمْ يَظْلِمُونَ ﴿١١٨﴾

119. At katotohanan! Ang iyong Panginoon, - sa mga gumagawa ng kasamaan (mga nagugumon sa kasalanan at palasuway kay Allah) sa kawalan ng kaalaman, at matapos ay nagtika at gumawa ng mga kabutihan; katotohanan, ang iyong Panginoon, makaraan (ang gayong bagay), ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

ثُمَّ إِنَّ رَبَّكَ لِلَّذِينَ عَمِلُوا۟ ٱلسُّوٓءَ بِجَهَٰلَةٍ ثُمَّ تَابُوا۟ مِنۢ بَعْدِ ذَٰلِكَ وَأَصْلَحُوٓا۟ إِنَّ رَبَّكَ مِنۢ بَعْدِهَا لَغَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١١٩﴾

120. Katotohanan, si Abraham ay isang *Ummah* (isang pinuno na may taglay ng lahat ng mabubuting katangian, o isang bansa [pamayanan]), masunurin kay Allah, isang *Hanifan* (alalaong baga, sumasamba lamang kay Allah), at siya ay hindi isa sa *Mushrikun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, at mga nag-aakibat ng mga katambal sa Kanya).

إِنَّ إِبْرَٰهِيمَ كَانَ أُمَّةً قَانِتًا لِّلَّهِ حَنِيفًا وَلَمْ يَكُ مِنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿١٢٠﴾

121. Siya (Abraham) ay may pasasalamat sa Kanyang mga Biyaya. Kanyang (Allah) pinili siya (bilang isang Dakilang Sugo na malapit sa Kanya) at Kanyang pinatnubayan siya sa Matuwid na Landas (sa Kaisahan ni Allah, sa Islam, at hindi sa Hudaismo o Kristiyanismo).

شَاكِرًا لِّأَنْعُمِهِ ۚ ٱجْتَبَىٰهُ وَهَدَىٰهُ إِلَىٰ صِرَٰطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿١٢١﴾

122. At Aming pinagkalooban siya ng mabuti sa mundong ito, at sa Kabilang Buhay, siya ay mapapabilang sa mga matutuwid.

وَءَاتَيْنَٰهُ فِى ٱلدُّنْيَا حَسَنَةً ۖ وَإِنَّهُۥ فِى ٱلْءَاخِرَةِ لَمِنَ ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿١٢٢﴾

123. At pagkaraan, ikaw (O Muhammad) ay Aming binigyan ng inspirasyon na (nagsasaysay): "Sundin mo ang pananampalataya ni Abraham

ثُمَّ أَوْحَيْنَآ إِلَيْكَ أَنِ ٱتَّبِعْ مِلَّةَ إِبْرَٰهِيمَ حَنِيفًا ۖ وَمَا كَانَ مِنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿١٢٣﴾

[37] Tunghayan ang talata sa Surat Al-An'am, 6:146

na *Hanifan* (ang pananampalataya sa Kaisahan ni Allah), at hindi siya kabilang sa *Mushrikun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, at mga nag-aakibat ng mga katambal sa Kanya).

إِنَّمَا جُعِلَ ٱلسَّبْتُ عَلَى ٱلَّذِينَ ٱخْتَلَفُوا۟ فِيهِ ۚ وَإِنَّ رَبَّكَ لَيَحْكُمُ بَيْنَهُمْ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ فِيمَا كَانُوا۟ فِيهِ يَخْتَلِفُونَ ﴿١٢٤﴾

124. Katotohanan, ang (araw ng) Sabado ay itinalaga lamang (bilang isang banal na Araw) sa kanila (mga Hudyo) na may pagkakahidwa tungkol dito, at katotohanan, ang iyong Panginoon ay hahatol sa pagitan nila sa Araw ng Muling Pagkabuhay hinggil sa bagay na hindi nila pinagkakasunduan.

ٱدْعُ إِلَىٰ سَبِيلِ رَبِّكَ بِٱلْحِكْمَةِ وَٱلْمَوْعِظَةِ ٱلْحَسَنَةِ ۖ وَجَٰدِلْهُم بِٱلَّتِى هِىَ أَحْسَنُ ۚ إِنَّ رَبَّكَ هُوَ أَعْلَمُ بِمَن ضَلَّ عَن سَبِيلِهِۦ ۖ وَهُوَ أَعْلَمُ بِٱلْمُهْتَدِينَ ﴿١٢٥﴾

125. Anyayahan mo (O Muhammad) ang sangkatauhan sa Landas ng iyong Panginoon (alalaong baga, sa Islam) ng may *Hikmah* (karunungan at mahusay na pamamaraan) at makatwirang pangangaral, at makipagtalo ka sa kanila sa paraan na higit na mainam. Katotohanan, ang iyong Panginoon ang higit na nakababatid kung sino ang napaligaw sa Kanyang Landas, at Siya ang Ganap na Nakakaalam kung sino ang mga napapatnubayan.

وَإِنْ عَاقَبْتُمْ فَعَاقِبُوا۟ بِمِثْلِ مَا عُوقِبْتُم بِهِۦ ۖ وَلَئِن صَبَرْتُمْ لَهُوَ خَيْرٌ لِّلصَّٰبِرِينَ ﴿١٢٦﴾

126. At kung inyong parusahan (ang inyong kaaway), inyong parusahan sila nang katumbas ng kanilang ginawa sa inyo. Datapuwa't kung kayo ay magbata ng may pagtitiyaga, katotohanan, ito ay higit na mainam sa mga matitiyaga.

وَٱصْبِرْ وَمَا صَبْرُكَ إِلَّا بِٱللَّهِ ۚ وَلَا تَحْزَنْ عَلَيْهِمْ وَلَا تَكُ فِى ضَيْقٍ مِّمَّا يَمْكُرُونَ ﴿١٢٧﴾

127. At ikaw (O Muhammad) ay maging matimtiman sa pagtitiyaga, at ang iyong pagtitiyaga ay para kay Allah. At huwag kang magdalamhati sa kanila (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mga pagano), at huwag kang magkaroon ng lumbay dahilan sa kanilang binabalak.

إِنَّ ٱللَّهَ مَعَ ٱلَّذِينَ ٱتَّقَوا۟ وَّٱلَّذِينَ هُم مُّحْسِنُونَ ﴿١٢٨﴾

128. Katotohanan, si Allah ay Tagapagtangkilik ng mga nangangamba sa Kanya at ng *Muhsinun* (mga gumagawa ng kabutihan).

Surah 17

Surat Al-Isra
(Ang Gabing Paglalakbay)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ang Kaluwalhatian (at Kataas-taasan) ay sa Kanya (Allah), na nagdala sa Kanyang alipin (Muhammad) tungo sa isang gabing paglalakbay mula sa *Masjid Al-Haram* (sa Makkah) patungo sa *Masjid Al-Aqsa* (sa Herusalem), na Aming pinagpala ang mga bakuran nito, upang maipamalas Namin sa kanya (Muhammad) ang Aming *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda). Katotohanang Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Nakamamasid.

سُبْحَٰنَ ٱلَّذِىٓ أَسْرَىٰ بِعَبْدِهِۦ لَيْلًا مِّنَ ٱلْمَسْجِدِ ٱلْحَرَامِ إِلَى ٱلْمَسْجِدِ ٱلْأَقْصَا ٱلَّذِى بَٰرَكْنَا حَوْلَهُۥ لِنُرِيَهُۥ مِنْ ءَايَٰتِنَآ ۚ إِنَّهُۥ هُوَ ٱلسَّمِيعُ ٱلْبَصِيرُ ﴿١﴾

2. At Aming iginawad kay Moises ang Kasulatan at ginawa (Namin) ito bilang isang patnubay para sa Angkan ng Israel (na nagsasaysay): "Huwag kayong magturing sa iba pa liban sa Akin bilang (inyong) *Wakil* (Tagapangalaga, Panginoon, o Tagapamahala ng inyong buhay).

وَءَاتَيْنَا مُوسَى ٱلْكِتَٰبَ وَجَعَلْنَٰهُ هُدًى لِّبَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ أَلَّا تَتَّخِذُوا۟ مِن دُونِى وَكِيلًا ﴿٢﴾

3. O kayong mga anak ng mga dinala Namin (sa Arko) na kasama ni Noah, (huwag kayong magtambal sa pagsamba kay Allah)! Katotohanang siya (Noah) ay isang alipin na may pagtanaw ng utang na loob ng pasasalamat."

ذُرِّيَّةَ مَنْ حَمَلْنَا مَعَ نُوحٍ ۚ إِنَّهُۥ كَانَ عَبْدًا شَكُورًا ﴿٣﴾

4. At Aming itinakda para sa Angkan ng Israel sa Kasulatan, na katiyakan, sila ay dalawang ulit na gagawa ng kabuktutan sa kalupaan (Herusalem) at sila ay magiging mapang-api at lubhang palalo!

وَقَضَيْنَآ إِلَىٰ بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ فِى ٱلْكِتَٰبِ لَتُفْسِدُنَّ فِى ٱلْأَرْضِ مَرَّتَيْنِ وَلَتَعْلُنَّ عُلُوًّا كَبِيرًا ﴿٤﴾

5. At nang ang unang sandali (ng inyong katiwalian at kabulukan) ay nangyari, ay isinugo Namin laban sa inyo ang Aming mga alipin na

فَإِذَا جَآءَ وَعْدُ أُولَىٰهُمَا بَعَثْنَا عَلَيْكُمْ عِبَادًا لَّنَآ أُو۟لِى بَأْسٍ شَدِيدٍ فَجَاسُوا۟ خِلَٰلَ ٱلدِّيَارِ ۚ

kakila-kilabot sa kapangyarihan, at pinaghanap nila kayo mula sa bawat bahay at kanilang winasak kayo; at ito ay isang babala (na ganap) na natupad.

وَكَانَ وَعْدًا مَّفْعُولًا ﴿٥﴾

6. At pagkaraan ay Aming ginawaran kayo ng tagumpay laban sa kanila at Aming tinulungan kayo sa pamamagitan ng kayamanan at (inyong) mga anak at ginawa Namin na higit kayong maging marami sa lakas na pantao (inudyukan at hinikayat na makipaglaban).

ثُمَّ رَدَدْنَا لَكُمُ ٱلْكَرَّةَ عَلَيْهِمْ وَأَمْدَدْنَٰكُم بِأَمْوَٰلٍ وَبَنِينَ وَجَعَلْنَٰكُمْ أَكْثَرَ نَفِيرًا ﴿٦﴾

7. Kung kayo ay gumawa ng mabuti, kayo ay gumawa ng kabutihan sa inyong sarili, at kung kayo ay gumawa ng masama (inyong ginawa ito) laban sa inyong sarili. At kung ang panghuling sandali (ng inyong katiwalian) ay mangyari (ay ibabaling Namin laban sa inyo ang Aming mga alipin) upang hamakin kayo at parusahan kayo hanggang ang kahirapan (karukhaan) ay mabanaag sa inyong mukha, at sila ay magsisipasok sa *Masjid al-Aqsa* (sa Herusalem) kung saan ito ay kanilang napasok noong una, at kanilang wawasakin ang anumang napasailalim sa kanilang kapangyarihan (kung ano ang kanilang napanaigan).

إِنْ أَحْسَنتُمْ أَحْسَنتُمْ لِأَنفُسِكُمْ ۖ وَإِنْ أَسَأْتُمْ فَلَهَا ۚ فَإِذَا جَآءَ وَعْدُ ٱلْءَاخِرَةِ لِيَسُۥٓـُٔوا۟ وُجُوهَكُمْ وَلِيَدْخُلُوا۟ ٱلْمَسْجِدَ كَمَا دَخَلُوهُ أَوَّلَ مَرَّةٍ وَلِيُتَبِّرُوا۟ مَا عَلَوْا۟ تَتْبِيرًا ﴿٧﴾

8. (At Aming ipinahayag sa *Torah* [mga Batas]): "Maaaring ang inyong Panginoon ay magpakita sa inyo ng habag, datapuwa't kung kayo ay magbabalik (sa mga kasalanan), Aming ibabalik (ang Aming Kaparusahan). At Aming ginawa ang Impiyerno bilang isang bilangguan sa mga walang pananampalataya.

عَسَىٰ رَبُّكُمْ أَن يَرْحَمَكُمْ ۚ وَإِنْ عُدتُّمْ عُدْنَا ۘ وَجَعَلْنَا جَهَنَّمَ لِلْكَٰفِرِينَ حَصِيرًا ﴿٨﴾

9. Katotohanan, ang Qur'an na ito ay namamatnubay kung anuman ang pinakamakatarungan at katampatan at nagbibigay ng masayang balita sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah), na nagsasagawa ng mga kabutihan, na sila ay magtatamo ng malaking gantimpala (sa Paraiso).

إِنَّ هَٰذَا ٱلْقُرْءَانَ يَهْدِى لِلَّتِى هِىَ أَقْوَمُ وَيُبَشِّرُ ٱلْمُؤْمِنِينَ ٱلَّذِينَ يَعْمَلُونَ ٱلصَّٰلِحَٰتِ أَنَّ لَهُمْ أَجْرًا كَبِيرًا ﴿٩﴾

10. At sila na hindi nananampalataya sa Kabilang Buhay, para sa kanila ay Aming inihanda ang kasakit-sakit na kaparusahan (sa Impiyerno).

وَأَنَّ ٱلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ بِٱلْءَاخِرَةِ أَعْتَدْنَا لَهُمْ عَذَابًا أَلِيمًا ﴿١٠﴾

وَيَدْعُ ٱلْإِنسَٰنُ بِٱلشَّرِّ دُعَآءَهُۥ بِٱلْخَيْرِ ۖ وَكَانَ ٱلْإِنسَٰنُ عَجُولًا ﴿١١﴾

11. At ang tao ay nagsusumamo sa kasamaan (kung siya ay napopoot) kung paano (rin) siya nagsusumamo sa kabutihan, at ang tao ay palaging nagmamadali (alalaong baga, kung siya ay nagagalit sa sinuman, siya ay dagliang nananalangin [na nagsasabi]: "O Allah, Inyong sumpain siya", at ito ay hindi niya marapat na gawin, bagkus ay maging matiisin [mapagpasensiya]).

وَجَعَلْنَا ٱلَّيْلَ وَٱلنَّهَارَ ءَايَتَيْنِ ۖ فَمَحَوْنَآ ءَايَةَ ٱلَّيْلِ وَجَعَلْنَآ ءَايَةَ ٱلنَّهَارِ مُبْصِرَةً لِّتَبْتَغُوا۟ فَضْلًا مِّن رَّبِّكُمْ وَلِتَعْلَمُوا۟ عَدَدَ ٱلسِّنِينَ وَٱلْحِسَابَ ۚ وَكُلَّ شَىْءٍ فَصَّلْنَٰهُ تَفْصِيلًا ﴿١٢﴾

12. At Aming itinalaga ang gabi at araw (maghapon) bilang dalawang tanda (ng Aming Kapangyarihan). Aming pinawi ang tanda ng gabi (ang buwan), at Aming ginawa ang tanda ng maghapon (ang araw) na maging lantad, upang kayo ay magsihanap ng kasaganaan ng inyong Panginoon, at upang inyong maalaman ang bilang ng mga taon at ang pagtutuos (ng mga buwan at mga araw [maghapon]). Ang lahat ng bagay ay Aming ipinaliwanag nang masusi.

وَكُلَّ إِنسَٰنٍ أَلْزَمْنَٰهُ طَٰٓئِرَهُۥ فِى عُنُقِهِۦ ۖ وَنُخْرِجُ لَهُۥ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ كِتَٰبًا يَلْقَىٰهُ مَنشُورًا ﴿١٣﴾

13. At sa bawat tao ay Aming inilapat (ikinapit) ang kanyang mga gawa sa kanyang leeg, at sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay Aming ilalantad para sa kanya ang isang aklat (talaan ng kanyang mga gawa) na matatagpuan niya na nakabukas (sa kanyang harapan).

ٱقْرَأْ كِتَٰبَكَ كَفَىٰ بِنَفْسِكَ ٱلْيَوْمَ عَلَيْكَ حَسِيبًا ﴿١٤﴾

14. (At sa kanya ay ipagtuturing): "Basahin mo ang iyong aklat (talaan). Ang iyong sarili ay sapat na bilang tagapagsulit (laban sa iyo) sa Araw na ito."

مَّنِ ٱهْتَدَىٰ فَإِنَّمَا يَهْتَدِى لِنَفْسِهِۦ ۖ وَمَن ضَلَّ فَإِنَّمَا يَضِلُّ عَلَيْهَا ۚ وَلَا تَزِرُ وَازِرَةٌ وِزْرَ أُخْرَىٰ ۗ وَمَا كُنَّا مُعَذِّبِينَ حَتَّىٰ نَبْعَثَ رَسُولًا ﴿١٥﴾

15. Sinuman ang tumahak sa katuwiran, kung gayon siya ay gumawa nang tumpak sa kapakinabangan ng kanyang sarili. At sinuman ang tumahak sa ligaw (na landas), kung gayon, siya ay naligaw sa kanyang sariling kapahamakan. At walang kaluluwa ang magdadala ng pabigat ng iba. At Kami kailanman ay hindi magpaparusa malibang Kami ay nagsugo muna ng isang Sugo (upang magbigay ng babala).

وَإِذَآ أَرَدْنَآ أَن نُّهْلِكَ قَرْيَةً أَمَرْنَا مُتْرَفِيهَا فَفَسَقُوا۟ فِيهَا فَحَقَّ عَلَيْهَا ٱلْقَوْلُ فَدَمَّرْنَٰهَا تَدْمِيرًا ﴿١٦﴾

16. At kung Kami ay magpasya na wasakin ang isang bayan (pamayanan; dahil sa kanilang katiwalian), Aming hahayaan ang mga

maluluho (mga ubod ng sama) sa kanilang lipon na makagawa ng mga karumal-dumal, kaya't ang salita (ang kaparusahan na nakatakda) ay ipapatupad (sa kanila) dito, at Aming winasak yaon nang (ganap) na pagkawasak.

وَكَمْ أَهْلَكْنَا مِنَ ٱلْقُرُونِ مِنۢ بَعْدِ نُوحٍ ۗ وَكَفَىٰ بِرَبِّكَ بِذُنُوبِ عِبَادِهِۦ خَبِيرًۢا بَصِيرًا ﴿١٧﴾

17. At gaano karami na ba ang henerasyon (mga nangaunang bansa o pamayanan) ang Amin nang winasak pagkaraan ni Noah! At sapat na ang iyong Panginoon bilang isang may Ganap na Kaalaman at Ganap na Nakamamasid ng mga kasalanan ng Kanyang mga alipin.

مَّن كَانَ يُرِيدُ ٱلْعَاجِلَةَ عَجَّلْنَا لَهُۥ فِيهَا مَا نَشَآءُ لِمَن نُّرِيدُ ثُمَّ جَعَلْنَا لَهُۥ جَهَنَّمَ يَصْلَىٰهَا مَذْمُومًا مَّدْحُورًا ﴿١٨﴾

18. Sinuman ang magnais ng pagmamadali (sa pansamantalang kaligayahan sa mundong ito), Kami ay kagyat na magkakaloob sa kanya ng anumang Aming naisin sa sinumang Aming maibigan. At matapos ito, ay Aming itinalaga para sa kanya ang Impiyerno, siya ay susunugin dito ng may kahihiyan at pagtatakwil, - (na lubhang malayo sa Habag ni Allah).

وَمَنْ أَرَادَ ٱلْـَٔاخِرَةَ وَسَعَىٰ لَهَا سَعْيَهَا وَهُوَ مُؤْمِنٌ فَأُو۟لَٰٓئِكَ كَانَ سَعْيُهُم مَّشْكُورًا ﴿١٩﴾

19. At sinuman ang magnais sa Kabilang Buhay at magsikap dito, na may laang pagsisikhay na nararapat dito (alalaong baga, ang gumawa ng mga kabutihan at maging masunurin kay Allah) habang siya ay nananalig (sa Kaisahan ni Allah, at sa Islam), kung gayon, siya yaong ang pagsisikap ay pinahahalagahan, pinasasalamatan at ginagantimpalaan (ni Allah).

كُلًّا نُّمِدُّ هَٰٓؤُلَآءِ وَهَٰٓؤُلَآءِ مِنْ عَطَآءِ رَبِّكَ ۚ وَمَا كَانَ عَطَآءُ رَبِّكَ مَحْظُورًا ﴿٢٠﴾

20. Sa bawat isa, sa inyo at sa kanila, Kami ang nagkakaloob (ng biyaya) mula sa Kasaganaan ng iyong Panginoon. At ang Kasaganaan ng iyong Panginoon, kailanman ay hindi maipagbabawal.

ٱنظُرْ كَيْفَ فَضَّلْنَا بَعْضَهُمْ عَلَىٰ بَعْضٍ ۚ وَلَلْـَٔاخِرَةُ أَكْبَرُ دَرَجَٰتٍ وَأَكْبَرُ تَفْضِيلًا ﴿٢١﴾

21. Iyong malasin kung paano Namin pinahalagahan ang isa nang higit sa iba (sa mundong ito), at katotohanan, ang (gantimpala sa) Kabilang Buhay ay higit na mainam (para sa mga sumasampalataya) at higit na mahalaga.

لَّا تَجْعَلْ مَعَ ٱللَّهِ إِلَٰهًا ءَاخَرَ فَتَقْعُدَ مَذْمُومًا مَّخْذُولًا ﴿٢٢﴾

22. Huwag kang magtambal ng mga ibang diyos tangi pa kay Allah (O tao)! [ang talatang ito ay ipinatungkol kay Propeta Muhammad, ngunit

ang tinutukoy sa pangkalahatan ay ang sangkatauhan], kung hindi, ikaw ay uupo na sinusumbatan at pinababayaan (sa Apoy ng Impiyerno).

23. At ang iyong Panginoon ay nag-utos na huwag kayong sumamba sa iba pa maliban sa Kanya, at kayo ay maging masunurin sa inyong magulang. Kung ang isa sa kanila o silang dalawa ay sumapit na sa matandang gulang sa (panahon) ng iyong buhay, huwag kang mangusap sa kanila ng isa mang salita ng kalapastanganan, gayundin ay huwag manigaw sa kanila, datapuwa't ikaw ay mangusap sa kanila sa paraan na karangal-rangal.

۞ وَقَضَىٰ رَبُّكَ أَلَّا تَعْبُدُوٓا۟ إِلَّآ إِيَّاهُ وَبِٱلْوَٰلِدَيْنِ إِحْسَٰنًا ۚ إِمَّا يَبْلُغَنَّ عِندَكَ ٱلْكِبَرَ أَحَدُهُمَآ أَوْ كِلَاهُمَا فَلَا تَقُل لَّهُمَآ أُفٍّ وَلَا تَنْهَرْهُمَا وَقُل لَّهُمَا قَوْلًا كَرِيمًا ﴿٢٣﴾

24. At iyong gawin ang iyong sarili na masunurin at maawain sa kanila na (may taglay) na habag, at magsabi: "O aking Panginoon! Igawad Ninyo sa kanila ang Inyong Habag, na katulad ng kanilang pag-aaruga sa akin nang ako ay batang paslit pa."

وَٱخْفِضْ لَهُمَا جَنَاحَ ٱلذُّلِّ مِنَ ٱلرَّحْمَةِ وَقُل رَّبِّ ٱرْحَمْهُمَا كَمَا رَبَّيَانِى صَغِيرًا ﴿٢٤﴾

25. Ang inyong Panginoon ang nakakaalam kung ano ang nasa kaibuturan ng inyong sarili. Kung kayo ay matuwid, Siya ang Lubos na Mapagpatawad sa mga nagsisisi; Siya ay Lagi nang Nagpapatawad sa mga nagsisisi sa Kanya nang paulit-ulit.

رَّبُّكُمْ أَعْلَمُ بِمَا فِى نُفُوسِكُمْ ۚ إِن تَكُونُوا۟ صَٰلِحِينَ فَإِنَّهُۥ كَانَ لِلْأَوَّٰبِينَ غَفُورًا ﴿٢٥﴾

26. At iyong ibigay sa malapit na kamag-anak ang kanyang karapatan (na nalalaan) at sa mahihirap (na nangangailangan) at sa naglalakbay (na kinapos ng panustos). At huwag mong gugulin (ang iyong kayamanan) ng walang kapararakan (sa mga bagay na hindi pinahihintulutan o sa pagsuway kay Allah).

وَءَاتِ ذَا ٱلْقُرْبَىٰ حَقَّهُۥ وَٱلْمِسْكِينَ وَٱبْنَ ٱلسَّبِيلِ وَلَا تُبَذِّرْ تَبْذِيرًا ﴿٢٦﴾

27. Katotohanan, ang mapagwaldas (ng walang kapararakan) ay mga kapatid ng mga demonyo, at ang demonyo (si Satanas) ay lagi nang walang utang na loob ng pasasalamat sa kanyang Panginoon.

إِنَّ ٱلْمُبَذِّرِينَ كَانُوٓا۟ إِخْوَٰنَ ٱلشَّيَٰطِينِ ۖ وَكَانَ ٱلشَّيْطَٰنُ لِرَبِّهِۦ كَفُورًا ﴿٢٧﴾

28. At kung ikaw (O Muhammad) ay tumalikod sa kanila (kamag-anak, mahihirap, naglalakbay, at ikaw ay Aming pinag-utusan na ibigay ang kanilang mga karapatan, datapuwa't kung ikaw

وَإِمَّا تُعْرِضَنَّ عَنْهُمُ ٱبْتِغَآءَ رَحْمَةٍ مِّن رَّبِّكَ تَرْجُوهَا فَقُل لَّهُمْ قَوْلًا مَّيْسُورًا ﴿٢٨﴾

ay walang maibibigay sa sandali ng kanilang paghingi rito), at ikaw ay naghihintay ng habag mula sa iyong Panginoon na rito ay iyong inaasam, kung gayon, ikaw ay mangusap sa kanila nang mabanayad (alalaong baga, si Allah ay magkakaloob sa akin, at ako ay magbibigay sa inyo).

29. At huwag hayaan ang iyong kamay ay natatalian sa iyong leeg (alalaong baga, ang maging maramot), gayundin naman, ay huwag mo itong iunat nang labis (alalaong baga, ang maging waldas), sapagka't ikaw ay magsisisi at magiging hikahos (alalaong baga, matinding kahirapan).

وَلَا تَجْعَلْ يَدَكَ مَغْلُولَةً إِلَىٰ عُنُقِكَ وَلَا تَبْسُطْهَا كُلَّ ٱلْبَسْطِ فَتَقْعُدَ مَلُومًا مَّحْسُورًا ﴿٢٩﴾

30. Katotohanan, ang iyong Panginoon ang nagpaparami ng panustos na ikabubuhay sa sinumang Kanyang maibigan at Siya ang nagpapaunti (sa sinumang Kanyang maibigan). Katotohanang Siya ang Lagi nang Nakababatid, ang Ganap na Nakamamasid sa Kanyang mga alipin.

إِنَّ رَبَّكَ يَبْسُطُ ٱلرِّزْقَ لِمَن يَشَآءُ وَيَقْدِرُ ۚ إِنَّهُۥ كَانَ بِعِبَادِهِۦ خَبِيرًۢا بَصِيرًا ﴿٣٠﴾

31. At huwag ninyong patayin ang inyong mga anak dahil sa pangamba ng kahirapan. Kami ang nagkakaloob sa kanila at sa inyo ng ikabubuhay. Katotohanan, ang pagpatay sa kanila ay isang malaking kasalanan.

وَلَا تَقْتُلُوٓا۟ أَوْلَـٰدَكُمْ خَشْيَةَ إِمْلَـٰقٍ ۖ نَّحْنُ نَرْزُقُهُمْ وَإِيَّاكُمْ ۚ إِنَّ قَتْلَهُمْ كَانَ خِطْـًٔا كَبِيرًا ﴿٣١﴾

32. At huwag kayong lumapit sa pakikiapid (alalaong baga, iwasan ang lahat ng pagkakataon na maaaring maghantong sa ganitong pagkakamali). Katotohanang ito ay isang imoralidad at isang napakasamang gawain (bisyo).

وَلَا تَقْرَبُوا۟ ٱلزِّنَىٰٓ ۖ إِنَّهُۥ كَانَ فَـٰحِشَةً وَسَآءَ سَبِيلًا ﴿٣٢﴾

33. At huwag ninyong patayin ang sinuman (sa tao) na ipinagbabawal ni Allah, malibang ito ay sa makatarungang paraan. At kung sinuman ang napatay (nang sinasadya) na hindi makatarungan Aming binigyan ang kanyang tagapagmana ng karapatang gumanti ayon sa legal na paraan (alalaong baga, humingi ng *Qisas* [batas ng pagpatay sa pumatay], o ang magpatawad, o tumanggap ng *Diyah* [salaping bayad sa dugo]). Datapuwa't huwag siyang

وَلَا تَقْتُلُوا۟ ٱلنَّفْسَ ٱلَّتِى حَرَّمَ ٱللَّهُ إِلَّا بِٱلْحَقِّ ۗ وَمَن قُتِلَ مَظْلُومًا فَقَدْ جَعَلْنَا لِوَلِيِّهِۦ سُلْطَـٰنًا فَلَا يُسْرِف فِّى ٱلْقَتْلِ ۖ إِنَّهُۥ كَانَ مَنصُورًا ﴿٣٣﴾

lumampas sa hangganan ng pagpatay (alalaong baga, huwag siyang pumatay, maliban sa [taong] pumatay lamang). Katotohanang siya ay lilingapin (ng ayon sa batas Islamiko).

وَلَا تَقْرَبُوا۟ مَالَ ٱلْيَتِيمِ إِلَّا بِٱلَّتِى هِىَ أَحْسَنُ حَتَّىٰ يَبْلُغَ أَشُدَّهُۥ ۚ وَأَوْفُوا۟ بِٱلْعَهْدِ ۖ إِنَّ ٱلْعَهْدَ كَانَ مَسْـُٔولًا ﴿٣٤﴾

34. At huwag kayong lumapit (ng may pag-iimbot) sa ari-arian ng ulila maliban na ito ay inyong palaguin, hanggang sa sapitin niya ang tamang gulang. At inyong tuparin (ang bawat) kasunduan. Katotohanang kayo ay tatanungin tungkol sa mga pangako.

وَأَوْفُوا۟ ٱلْكَيْلَ إِذَا كِلْتُمْ وَزِنُوا۟ بِٱلْقِسْطَاسِ ٱلْمُسْتَقِيمِ ۚ ذَٰلِكَ خَيْرٌ وَأَحْسَنُ تَأْوِيلًا ﴿٣٥﴾

35. At magbigay ng tamang sukat (o timbang) kung kayo ay sumusukat, at magtimbang sa timbangan na walang daya. Ito ay mabuti (at kapakinabangan) at sa huli ay higit na mainam.

وَلَا تَقْفُ مَا لَيْسَ لَكَ بِهِۦ عِلْمٌ ۚ إِنَّ ٱلسَّمْعَ وَٱلْبَصَرَ وَٱلْفُؤَادَ كُلُّ أُو۟لَٰٓئِكَ كَانَ عَنْهُ مَسْـُٔولًا ﴿٣٦﴾

36. At huwag mong itaguyod ang isang bagay na wala kang karunungan (alalaong baga, huwag kang mangusap, o huwag kang sumaksi sa bagay na wala kang kaalaman). Katotohanan, ang pandinig, ang paningin, at ang puso; ang bawat isa sa kanila ay tatanungin (ni Allah).

وَلَا تَمْشِ فِى ٱلْأَرْضِ مَرَحًا ۖ إِنَّكَ لَن تَخْرِقَ ٱلْأَرْضَ وَلَن تَبْلُغَ ٱلْجِبَالَ طُولًا ﴿٣٧﴾

37. At huwag kang lumakad sa kalupaan ng may pagmamagaling at kapalaluan. Katotohanang ikaw ay hindi makabibiyak o makapapaloob (sa ilalim) ng kalupaan, gayundin, ay hindi mo mararating ang taas (hindig at tikas) ng kabundukan.

كُلُّ ذَٰلِكَ كَانَ سَيِّئُهُۥ عِندَ رَبِّكَ مَكْرُوهًا ﴿٣٨﴾

38. Ang lahat ng masasamang pananaw (na nabanggit sa itaas) ay kamuhi-muhi sa Paningin ng iyong Panginoon.

ذَٰلِكَ مِمَّآ أَوْحَىٰٓ إِلَيْكَ رَبُّكَ مِنَ ٱلْحِكْمَةِ ۗ وَلَا تَجْعَلْ مَعَ ٱللَّهِ إِلَٰهًا ءَاخَرَ فَتُلْقَىٰ فِى جَهَنَّمَ مَلُومًا مَّدْحُورًا ﴿٣٩﴾

39. Ito ay (bahagi) ng *Hikmah* (karunungan, magandang pakikitungo sa kapwa at mataas na uri ng pag-uugali), ng inspirasyon na iginawad sa iyo (O Muhammad) ng iyong Panginoon. At huwag kang magtambal kay Allah ng iba pang diyos, kung hindi, ikaw ay mapapatapon sa Impiyerno na sinisisi at itinatakwil (malayo sa Habag ni Allah).

أَفَأَصْفَىٰكُمْ رَبُّكُم بِٱلْبَنِينَ وَٱتَّخَذَ مِنَ ٱلْمَلَٰٓئِكَةِ إِنَٰثًا ۚ إِنَّكُمْ لَتَقُولُونَ قَوْلًا عَظِيمًا ﴿٤٠﴾

40. Ang inyo bagang Panginoon (O mga Pagano ng Makkah) ay higit na nagbigay-pahalaga sa inyo (sa pamamagitan) ng mga anak na lalaki, at nag-angkin sa Kanyang Sarili mula sa mga anghel ng mga anak na babae?

Katotohanan, kayo ay umuusal ng kasuklam-suklam na pangungusap!

41. At katiyakang Aming ipinaliwanag (ang Aming mga pangako, mga babala, at nagbigay [Kami] ng maraming halimbawa) dito sa Qur'an upang sila (na walang pananampalataya) ay mapaalalahanan, datapuwa't ito ay higit pang nagdagdag sa kanila sa wala maliban sa pag-ayaw.

وَلَقَدْ صَرَّفْنَا فِي هَٰذَا ٱلْقُرْءَانِ لِيَذَّكَّرُوا۟ وَمَا يَزِيدُهُمْ إِلَّا نُفُورًا ﴿٤١﴾

42. Ipagbadya (O Muhammad sa kanila, na mga pagano at mapagsamba sa mga diyus-diyosan): "Kung tunay man na mayroon pang ibang diyos na katambal Niya na kagaya ng kanilang ipinapalagay, kung gayon, katiyakang sila ay hahanap ng paraan upang mapalapit sa Nagmamay-ari ng *'Arsh* (Trono ni Allah).

قُل لَّوْ كَانَ مَعَهُۥٓ ءَالِهَةٌ كَمَا يَقُولُونَ إِذًا لَّٱبْتَغَوْا۟ إِلَىٰ ذِى ٱلْعَرْشِ سَبِيلًا ﴿٤٢﴾

43. Ang Kaluwalhatian at Kataas-taasan ay sa Kanya (Allah)! Siya ay Higit na Malayo sa anumang kanilang ipinagtuturing (ang sinasabing mga katambal Niya)!

سُبْحَٰنَهُۥ وَتَعَٰلَىٰ عَمَّا يَقُولُونَ عُلُوًّا كَبِيرًا ﴿٤٣﴾

44. Ang pitong kalangitan at ang pitong kalupaan, at lahat ng nasa pagitan nito ay lumuluwalhati sa Kanya, at walang anumang bagay ang hindi lumuluwalhati sa Kanya ng papuri (na Siya ay malaya sa anumang uri ng kapintasan at kasahulan). Datapuwa't hindi ninyo nauunawaan ang kanilang pagbubunyi ng kaluwalhatian. Katotohanang Siya ay Ganap na Mapagpaumanhin, ang Lagi nang Nagpapatawad.

تُسَبِّحُ لَهُ ٱلسَّمَٰوَٰتُ ٱلسَّبْعُ وَٱلْأَرْضُ وَمَن فِيهِنَّ ۚ وَإِن مِّن شَىْءٍ إِلَّا يُسَبِّحُ بِحَمْدِهِۦ وَلَٰكِن لَّا تَفْقَهُونَ تَسْبِيحَهُمْ ۚ إِنَّهُۥ كَانَ حَلِيمًا غَفُورًا ﴿٤٤﴾

45. At nang ikaw (O Muhammad) ay dumadalit ng Qur'an, inilagay Namin sa iyong pagitan at ng mga hindi sumasampalataya sa Kabilang Buhay ang hindi nakikitang lambong (o tabing sa kanilang puso, upang sila ay hindi makarinig o hindi makaunawa).

وَإِذَا قَرَأْتَ ٱلْقُرْءَانَ جَعَلْنَا بَيْنَكَ وَبَيْنَ ٱلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ بِٱلْءَاخِرَةِ حِجَابًا مَّسْتُورًا ﴿٤٥﴾

46. At naglagay Kami ng tabing sa ibabaw ng kanilang puso, baka mangyari, na maunawaan nila ito (ang Qur'an); at ng pagkabingi sa kanilang tainga. At nang ikaw ay bumabanggit lamang sa iyong Panginoon (*La ilaha ill Allah* - Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah) sa

وَجَعَلْنَا عَلَىٰ قُلُوبِهِمْ أَكِنَّةً أَن يَفْقَهُوهُ وَفِىٓ ءَاذَانِهِمْ وَقْرًا ۖ وَإِذَا ذَكَرْتَ رَبَّكَ فِى ٱلْقُرْءَانِ وَحْدَهُۥ وَلَّوْا۟ عَلَىٰٓ أَدْبَٰرِهِمْ نُفُورًا ﴿٤٦﴾

Qur'an, sila ay tumatalikod at umaalis sa malaking pag-ayaw.

47. Ganap Naming batid kung ano ang kanilang pinakikinggan kung sila ay nakikinig sa iyo, at kung sila ay nagsasagawa ng lihim na pagsasanggunian, pagmasdan, ang *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, mapaggawa ng kabuktutan) ay nagsasabi: "Wala kang sinusunod maliban sa isang tao na inaalihan (ng demonyo)."

نَحْنُ أَعْلَمُ بِمَا يَسْتَمِعُونَ بِهِۦٓ إِذْ يَسْتَمِعُونَ إِلَيْكَ وَإِذْ هُمْ نَجْوَىٰٓ إِذْ يَقُولُ ٱلظَّٰلِمُونَ إِن تَتَّبِعُونَ إِلَّا رَجُلًا مَّسْحُورًا ﴿٤٧﴾

48. Tunghayan kung ano ang mga halimbawa (paghahambing) na kanilang itinatambad sa iyong harapan. Kaya't sila ay napaligaw nang malayo, at sila kailanman ay hindi makakakita ng daan.

ٱنظُرْ كَيْفَ ضَرَبُوا۟ لَكَ ٱلْأَمْثَالَ فَضَلُّوا۟ فَلَا يَسْتَطِيعُونَ سَبِيلًا ﴿٤٨﴾

49. At sila ay nagsasabi: "Kung kami ba ay mga buto na at lansag-lansag, tunay bang kami ay muling ibabangon sa bagong paglikha?"

وَقَالُوٓا۟ أَءِذَا كُنَّا عِظَٰمًا وَرُفَٰتًا أَءِنَّا لَمَبْعُوثُونَ خَلْقًا جَدِيدًا ﴿٤٩﴾

50. Ipagbadya mo (O Muhammad): "Maging kayo man ay bato o bakal,

قُلْ كُونُوا۟ حِجَارَةً أَوْ حَدِيدًا ﴿٥٠﴾

51. O iba pang likhang-bagay na sa inyong isipan ay higit na matigas (upang ibangon) [gayunman, kayo ay ibabangon]!" At sila ay magsasabi: "Sino ang magpapanumbalik sa amin (sa pagkabuhay)?" Ipahayag: "Siya (Allah) na lumikha sa inyo noong una!" At sa iyo, sila ay magsisiiling ng kanilang ulo at magsasabi: "Kailan kaya ito magaganap?" Ipagbadya: "Marahil, ito ay malapit na!"

أَوْ خَلْقًا مِّمَّا يَكْبُرُ فِى صُدُورِكُمْ ۚ فَسَيَقُولُونَ مَن يُعِيدُنَا ۖ قُلِ ٱلَّذِى فَطَرَكُمْ أَوَّلَ مَرَّةٍ ۚ فَسَيُنْغِضُونَ إِلَيْكَ رُءُوسَهُمْ وَيَقُولُونَ مَتَىٰ هُوَ ۖ قُلْ عَسَىٰٓ أَن يَكُونَ قَرِيبًا ﴿٥١﴾

52. Sa Araw na Kanyang tatawagin kayo, at kayo ay tutugon (sa Kanyang panawagan) habang kayo ay lumuluwalhati sa Kanya, at mapag-iisip lamang ninyo (sa sandaling yaon) na kayo ay nanatili lamang (sa mundong ito) sa maigsing sandali!

يَوْمَ يَدْعُوكُمْ فَتَسْتَجِيبُونَ بِحَمْدِهِۦ وَتَظُنُّونَ إِن لَّبِثْتُمْ إِلَّا قَلِيلًا ﴿٥٢﴾

53. At ipagbadya sa Aking mga alipin (alalaong baga, sila na mga tunay na sumasampalataya sa Kaisahan ni Allah), na kanila lamang sabihin nang mainam ang mga salita, sapagkat katotohanang si Satanas ay nagtatanim ng hindi pagkakasundo sa kanilang lipon. Katiyakan, si

وَقُل لِّعِبَادِى يَقُولُوا۟ ٱلَّتِى هِىَ أَحْسَنُ ۚ إِنَّ ٱلشَّيْطَٰنَ يَنزَغُ بَيْنَهُمْ ۚ إِنَّ ٱلشَّيْطَٰنَ كَانَ لِلْإِنسَٰنِ عَدُوًّا مُّبِينًا ﴿٥٣﴾

Satanas ay lantad na kaaway ng tao.

54. Ang inyong Panginoon ang nakababatid sa inyo nang ganap, kung Kanyang naisin, kayo ay gagawaran Niya ng Kanyang habag, o kung Kanyang naisin, kayo ay papatawan Niya ng parusa. At ikaw (O Muhammad) ay hindi Namin isinugo bilang tagapangalaga (tagapangasiwa) sa kanila.

رَّبُّكُمْ أَعْلَمُ بِكُمْ ۖ إِن يَشَأْ يَرْحَمْكُمْ أَوْ إِن يَشَأْ يُعَذِّبْكُمْ ۚ وَمَا أَرْسَلْنَاكَ عَلَيْهِمْ وَكِيلًا ﴿٥٤﴾

55. At ang iyong Panginoon ang ganap na nakababatid kung ano ang nasa kalangitan at kalupaan, at katotohanang Aming itinampok ang ibang mga Propeta ng higit sa iba, at kay David ay Aming ipinagkaloob ang Salmo.

وَرَبُّكَ أَعْلَمُ بِمَن فِي السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ ۗ وَلَقَدْ فَضَّلْنَا بَعْضَ النَّبِيِّينَ عَلَىٰ بَعْضٍ ۖ وَآتَيْنَا دَاوُودَ زَبُورًا ﴿٥٥﴾

56. Ipagbadya (O Muhammad): "Kayo ay manikluhod sa kanila na inyong itinuturing na mga diyos (tulad ng mga anghel, si Hesus [ang Mesiyas], si Ezra, atbp.) maliban pa sa Kanya. Wala silang kapangyarihan na pawiin ang anumang kasahulan sa inyo, gayundin ang ilipat ito mula sa inyo sa ibang tao.

قُلِ ادْعُوا الَّذِينَ زَعَمْتُم مِّن دُونِهِ فَلَا يَمْلِكُونَ كَشْفَ الضُّرِّ عَنكُمْ وَلَا تَحْوِيلًا ﴿٥٦﴾

57. Yaong kanilang mga pinananalanginan (katulad ni Hesus, ang anak ni Maria, Ezra, mga anghel, atbp.) ay naghahangad (sa kanilang sarili) ng paraan na mapalapit sa kanilang Panginoon (Allah), at sila rin ay umaasam ng Kanyang Habag at nangangamba sa Kanyang kaparusahan. Katotohanan, ang kaparusahan ng iyong Panginoon ay isang bagay na dapat katakutan!

أُولَٰئِكَ الَّذِينَ يَدْعُونَ يَبْتَغُونَ إِلَىٰ رَبِّهِمُ الْوَسِيلَةَ أَيُّهُمْ أَقْرَبُ وَيَرْجُونَ رَحْمَتَهُ وَيَخَافُونَ عَذَابَهُ ۚ إِنَّ عَذَابَ رَبِّكَ كَانَ مَحْذُورًا ﴿٥٧﴾

58. At walang isa mang bayan (pamayanan) ang hindi Namin wawasakin bago maganap ang Araw ng Muling Pagkabuhay, o parusahan ito ng isang matinding kaparusahan. Ito ay nakatala sa Aklat (ng Aming Pag-uutos).

وَإِن مِّن قَرْيَةٍ إِلَّا نَحْنُ مُهْلِكُوهَا قَبْلَ يَوْمِ الْقِيَامَةِ أَوْ مُعَذِّبُوهَا عَذَابًا شَدِيدًا ۚ كَانَ ذَٰلِكَ فِي الْكِتَابِ مَسْطُورًا ﴿٥٨﴾

59. At walang anuman ang nakasansala (nakapigil) sa Amin sa pagpaparating ng mga tanda (alalaong baga, mga himala na hiniling nila), maliban na ang sinaunang lahi ay nagtakwil nito. At Aming iginawad ang babaeng kamelyo sa angkan ng Thamud bilang isang maliwanag na Tanda, datapuwa't ginawan nila ito (babaeng kamelyo) ng kasahulan (kanilang kinatay). At

وَمَا مَنَعَنَا أَن نُّرْسِلَ بِالْآيَاتِ إِلَّا أَن كَذَّبَ بِهَا الْأَوَّلُونَ ۚ وَآتَيْنَا ثَمُودَ النَّاقَةَ مُبْصِرَةً فَظَلَمُوا بِهَا ۚ وَمَا نُرْسِلُ بِالْآيَاتِ إِلَّا تَخْوِيفًا ﴿٥٩﴾

hindi Kami nagpapadala ng mga Tanda maliban na ito ay makapagbibigay ng babala (at upang sila ay mangamba sa pagkawasak).

وَإِذْ قُلْنَا لَكَ إِنَّ رَبَّكَ أَحَاطَ بِالنَّاسِ ۚ وَمَا جَعَلْنَا الرُّءْيَا الَّتِي أَرَيْنَاكَ إِلَّا فِتْنَةً لِّلنَّاسِ وَالشَّجَرَةَ الْمَلْعُونَةَ فِي الْقُرْآنِ ۚ وَنُخَوِّفُهُمْ فَمَا يَزِيدُهُمْ إِلَّا طُغْيَانًا كَبِيرًا ﴿٦٠﴾

60. At (gunitain) nang Aming wikain sa iyo: "Katotohanan, ang iyong Panginoon ang nakasasakop sa sangkatauhan (alalaong baga, sila ay nasa Kanyang pamamahala)." At hindi Namin ginawa ang pangitain na Aming itinambad sa iyo (sa panahon ng iyong *Mi'raj* [pag-akyat] sa langit), maliban na isang pagsubok sa sangkatauhan, at katulad din ng isinumpang puno (ang *Zaqqum*, na nabanggit) sa Qur'an; at Amin silang pinagbantaan (binalalaan), datapuwa't ito ay higit pang nakapagdagdag sa kanila (sa wala) maliban sa malaking paglabag.

وَإِذْ قُلْنَا لِلْمَلَائِكَةِ اسْجُدُوا لِآدَمَ فَسَجَدُوا إِلَّا إِبْلِيسَ قَالَ ءَأَسْجُدُ لِمَنْ خَلَقْتَ طِينًا ﴿٦١﴾

61. At (alalahanin) nang Aming wikain sa mga anghel: "Magpatirapa kayo kay Adan." Sila ay nagpatirapa maliban kay Iblis. Siya (Iblis) ay nagsabi: "Ako ba ay magpapatirapa sa kanya na Inyong nilikha mula sa malagkit na putik?"

قَالَ أَرَءَيْتَكَ هَٰذَا الَّذِي كَرَّمْتَ عَلَيَّ لَئِنْ أَخَّرْتَنِ إِلَىٰ يَوْمِ الْقِيَامَةِ لَأَحْتَنِكَنَّ ذُرِّيَّتَهُ إِلَّا قَلِيلًا ﴿٦٢﴾

62. Siya (Iblis) ay nagsabi: "Nakikita ba Ninyo siya (Adan) na Inyong pinarangalan nang higit sa akin? Kung ako ay (Inyong) bibigyan ng palugit hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay, katotohanang aking sasakmalin (ililigaw) ang kanyang mga anak (mga lahi), maliban sa ilan sa kanila!"

قَالَ اذْهَبْ فَمَن تَبِعَكَ مِنْهُمْ فَإِنَّ جَهَنَّمَ جَزَاؤُكُمْ جَزَاءً مَّوْفُورًا ﴿٦٣﴾

63. Siya (Allah) ay nagwika: "Humayo ka, at kung sinuman sa kanila ang sumunod sa iyo, katotohanang Impiyerno ang kabayaran ninyong (lahat) - isang sapat na kabayaran,

وَاسْتَفْزِزْ مَنِ اسْتَطَعْتَ مِنْهُم بِصَوْتِكَ وَأَجْلِبْ عَلَيْهِم بِخَيْلِكَ وَرَجِلِكَ وَشَارِكْهُمْ فِي الْأَمْوَالِ وَالْأَوْلَادِ وَعِدْهُمْ ۚ وَمَا يَعِدُهُمُ الشَّيْطَانُ إِلَّا غُرُورًا ﴿٦٤﴾

64. At (iyong) hikayatin sila (sa kawalan ng pag-iisip); sila na iyong mararahuyo (o malalansi) sa lipon nila, sa pamamagitan ng iyong tinig (alalaong baga, mga kanta, tugtugin, at iba pang paraan tungo sa pagsuway kay Allah), at iyong daluhungin (salakayin) sila ng iyong hukbong-kabayuhan at iyong sundalong pang-paa at makihati ka sa kanilang kayamanan at mga anak (sa pamamagitan ng panunukso sa kanila na kumita ng salapi sa pamamagitan ng ipinagbabawal na paraan, -

pagpapatubo ng pera, o ang paggawa ng bawal na pakikipagtalik), at gumawa ka ng mga pangako sa kanila. At si Satanas ay nangangako sa kanila ng wala, maliban sa panlilinlang."

إِنَّ عِبَادِى لَيْسَ لَكَ عَلَيْهِمْ سُلْطَٰنٌ ۚ وَكَفَىٰ بِرَبِّكَ وَكِيلًا ﴿٦٥﴾

65. Katotohanan, sa Aking mga alipin (alalaong baga, ang tunay na nananampalataya sa Kaisahan ni Allah), ikaw (Satanas) ay walang kapamahalaan sa kanila, at sapat na ang iyong Panginoon bilang isang Tagapangalaga.

رَّبُّكُمُ ٱلَّذِى يُزْجِى لَكُمُ ٱلْفُلْكَ فِى ٱلْبَحْرِ لِتَبْتَغُوا۟ مِن فَضْلِهِۦٓ ۚ إِنَّهُۥ كَانَ بِكُمْ رَحِيمًا ﴿٦٦﴾

66. Ang inyong Panginoon ang Siyang nagtutulak sa barko para sa inyo sa kahabaan ng dagat upang kayo ay magsihanap ng Kanyang kasaganaan. Katotohanang Siya ay Lagi nang Maawain sa inyo.

وَإِذَا مَسَّكُمُ ٱلضُّرُّ فِى ٱلْبَحْرِ ضَلَّ مَن تَدْعُونَ إِلَّآ إِيَّاهُ ۖ فَلَمَّا نَجَّىٰكُمْ إِلَى ٱلْبَرِّ أَعْرَضْتُمْ ۚ وَكَانَ ٱلْإِنسَٰنُ كَفُورًا ﴿٦٧﴾

67. At kung ang kasahulan ay sumapit sa inyo habang kayo ay nasa dagat, yaong inyong pinananalanginan maliban pa sa Kanya ay naglalaho sa inyo maliban sa Kanya (Allah) lamang. Datapuwa't nang Kanyang idaong na kayo ng ligtas sa kalupaan, kayo ay nagsisitalikod (sa Kanya). At ang tao ay lagi nang walang utang na loob ng pasasalamat.

أَفَأَمِنتُمْ أَن يَخْسِفَ بِكُمْ جَانِبَ ٱلْبَرِّ أَوْ يُرْسِلَ عَلَيْكُمْ حَاصِبًا ثُمَّ لَا تَجِدُوا۟ لَكُمْ وَكِيلًا ﴿٦٨﴾

68. Kayo ba ay nakadarama ng kapanatagan, na hindi Niya hahayaan, na ang isang bahagi ng kalupaan ay lumagom sa inyo, o kaya, ay Kanyang pawalan laban sa inyo ang isang unos ng maliliit na bato (bagyo ng bato)? Kung gayon, kayo ay hindi makatatagpo ng *Wakil* (tagapagtangkilik, isang mangangalaga sa inyo sa Kaparusahan).

أَمْ أَمِنتُمْ أَن يُعِيدَكُمْ فِيهِ تَارَةً أُخْرَىٰ فَيُرْسِلَ عَلَيْكُمْ قَاصِفًا مِّنَ ٱلرِّيحِ فَيُغْرِقَكُم بِمَا كَفَرْتُمْ ثُمَّ لَا تَجِدُوا۟ لَكُمْ عَلَيْنَا بِهِۦ تَبِيعًا ﴿٦٩﴾

69. O kayo ba ay nakadarama ng kapanatagan, na kayo ay hindi Niya muling ibabalik sa dagat sa pangalawang pagkakataon, at magpaparating laban sa inyo ng isang ipu-ipo at Kanyang lulunurin kayo dahilan sa inyong kawalan ng pananalig, kung magkagayon, kayo ay hindi makatatagpo ng sinumang gaganti para sa inyo laban sa Amin?

۞ وَلَقَدْ كَرَّمْنَا بَنِىٓ ءَادَمَ وَحَمَلْنَٰهُمْ فِى ٱلْبَرِّ وَٱلْبَحْرِ وَرَزَقْنَٰهُم مِّنَ ٱلطَّيِّبَٰتِ وَفَضَّلْنَٰهُمْ عَلَىٰ كَثِيرٍ مِّمَّنْ خَلَقْنَا

70. At katotohanang Aming ginawaran ng karangalan ang mga anak ni Adan, at Aming ginawaran sila (ng masasakyan) sa kalupaan at karagatan, at Aming tinustusan sila ng *At-*

Tayyibat (mga pinahihintulutan na mababuting bagay [*Halal*]), at Aming itinampok sila nang higit sa karamihan sa Aming mga nilikha.

تَفْضِيلًا ﴿٧٠﴾

71. (At alalahanin) ang Araw na Aming tatawagin nang sama-sama ang lahat ng mga tao na kasama ang kanilang (itinalagang) *Imam* (ang kanilang mga Propeta, o ang talaan ng kanilang mababuti at masasamang gawa, o ang kanilang mga Banal na Aklat katulad ng Qur'an, ang *Torah* [mga Batas], ang Ebanghelyo o ang mga pinuno na sinunod ng mga tao sa mundong ito). Kaya't kung sinuman ang binigyan ng kanyang talaan sa kanyang kanang kamay, siya nga ang babasa sa kanyang talaan, at sila ay hindi pakikitunguhan kahit na katiting ng kawalang-katarungan.

يَوْمَ نَدْعُوا۟ كُلَّ أُنَاسٍۭ بِإِمَٰمِهِمْ ۖ فَمَنْ أُوتِىَ كِتَٰبَهُۥ بِيَمِينِهِۦ فَأُو۟لَٰٓئِكَ يَقْرَءُونَ كِتَٰبَهُمْ وَلَا يُظْلَمُونَ فَتِيلًا ﴿٧١﴾

72. At kung sinuman ang bulag sa mundong ito (alalaong baga, hindi nakakakita ng mga Tanda ni Allah at hindi sumasampalataya sa Kanya) ay magiging bulag din sa Kabilang Buhay, at higit na naliligaw nang malayo sa tamang Landas.

وَمَن كَانَ فِى هَٰذِهِۦٓ أَعْمَىٰ فَهُوَ فِى ٱلْءَاخِرَةِ أَعْمَىٰ وَأَضَلُّ سَبِيلًا ﴿٧٢﴾

73. Katotohanang sila ay malapit nang makatukso sa iyo (O Muhammad), upang ikaw ay mapalayo sa Aming ipinahayag (ang Qur'an) sa iyo, at gumawa ng bagay ng kabulaanan na iba rito (sa nasasaad sa Qur'an) laban sa Amin, kung magkagayon, katiyakang ikaw ay kanilang kukunin bilang isang kaibigan!

وَإِن كَادُوا۟ لَيَفْتِنُونَكَ عَنِ ٱلَّذِىٓ أَوْحَيْنَآ إِلَيْكَ لِتَفْتَرِىَ عَلَيْنَا غَيْرَهُۥ ۖ وَإِذًا لَّٱتَّخَذُوكَ خَلِيلًا ﴿٧٣﴾

74. At kung ikaw ay hindi Namin ginawa na maging matatag sa iyong pananalig, hindi na magtatagal, ikaw ay malapit nang mahikayat sa kanila.

وَلَوْلَآ أَن ثَبَّتْنَٰكَ لَقَدْ كِدتَّ تَرْكَنُ إِلَيْهِمْ شَيْـًٔا قَلِيلًا ﴿٧٤﴾

75. Kung magkagayon, magagawa Namin na iyong lasapin ang dalawang ulit (na kaparusahan) sa buhay na ito, at ng dalawang ulit (na kaparusahan), pagkaraan ng (iyong) kamatayan. Sa gayon, ikaw ay hindi makatatagpo ng sinuman upang makatulong sa iyo laban sa Amin.

إِذًا لَّأَذَقْنَٰكَ ضِعْفَ ٱلْحَيَوٰةِ وَضِعْفَ ٱلْمَمَاتِ ثُمَّ لَا تَجِدُ لَكَ عَلَيْنَا نَصِيرًا ﴿٧٥﴾

76. At katotohanang sila ay malapit nang makapagbigay sa iyo ng matinding takot, hanggang sa ikaw ay kanilang maitaboy sa

وَإِن كَادُوا۟ لَيَسْتَفِزُّونَكَ مِنَ ٱلْأَرْضِ لِيُخْرِجُوكَ مِنْهَا ۖ وَإِذًا لَّا يَلْبَثُونَ خِلَٰفَكَ

kalupaan. Datapuwa't sa gayong pangyayari, sila ay hindi makapangyayaring manatili (rito) pagkaraan mo, maliban lamang sa pansamantalang panahon.

إِلَّا قَلِيلًا ﴿٧٦﴾

77. (Ito ang Aming) *Sunnah* (panuntunan o paraan) sa mga Sugo na Aming isinugo nang una pa sa iyo (O Muhammad), at ikaw ay hindi makakakita ng anumang pagbabago sa Aming *Sunnah* (panuntunan o paraan).

سُنَّةَ مَن قَدْ أَرْسَلْنَا قَبْلَكَ مِن رُّسُلِنَا ۖ وَلَا تَجِدُ لِسُنَّتِنَا تَحْوِيلًا ﴿٧٧﴾

78. Mag-alay ng *Salah* (takdang pagdarasal) nang mahinusay mula sa katanghalian hanggang sa pagsapit ng dilim (alalaong baga, ang mga panalangin sa oras ng *Zuhr, Asr, Maghrib,* at *Isha*), at iyong dalitin ang Qur'an sa pagbubukang-liwayway (alalaong baga, ang pang-umagang panalangin [*Fajr*]). Katotohanan, ang pagdalit ng Qur'an sa pagbubukang-liwayway ay lagi nang sinasaksihan (dinadaluhan ng mga anghel na nakatalaga sa sangkatauhan sa gabi at araw).

أَقِمِ الصَّلَوٰةَ لِدُلُوكِ الشَّمْسِ إِلَىٰ غَسَقِ اللَّيْلِ وَقُرْآنَ الْفَجْرِ ۖ إِنَّ قُرْآنَ الْفَجْرِ كَانَ مَشْهُودًا ﴿٧٨﴾

79. At (gayundin), sa ilang bahagi ng gabi ay mag-alay ng *Salah* (karagdagang panalangin, *Tahajjud*, *Nawafil*, mga itinatagubiling dasal) para sa iyo (O Muhammad). Maaaring ang iyong Panginoon ay magtaas sa iyo sa ipinagkakapuring lugar (alalaong baga, ang pinakamataas na antas sa Paraiso).

وَمِنَ اللَّيْلِ فَتَهَجَّدْ بِهِ نَافِلَةً لَّكَ عَسَىٰ أَن يَبْعَثَكَ رَبُّكَ مَقَامًا مَّحْمُودًا ﴿٧٩﴾

80. At ipagbadya mo (O Muhammad): "O Aking Panginoon! Inyong hayaan ang aking pagpasok (sa lungsod ng Madinah) ay maging mainam, at gayundin ang aking paglisan (mula sa lungsod ng Makkah) ay maging mabuti. At ako ay pagkalooban Ninyo ng kapamahalaan upang makatulong sa akin (o isang matatag na tanda o isang katibayan).

وَقُل رَّبِّ أَدْخِلْنِي مُدْخَلَ صِدْقٍ وَأَخْرِجْنِي مُخْرَجَ صِدْقٍ وَاجْعَل لِّي مِن لَّدُنكَ سُلْطَانًا نَّصِيرًا ﴿٨٠﴾

81. At ipagbadya: "Ang Katotohanan (alalaong baga, ang pananampalataya sa Kaisahan ni Allah o ang Qur'an, o ang *Jihad* [banal na pakikipaglaban] laban sa mga mapagsamba sa diyus-diyosan) ay dumatal na at ang kabulaanan (alalaong baga, si Satanas o ang pagsamba sa mga diyus-diyosan) ay napawi na. Katotohanan,

وَقُلْ جَاءَ الْحَقُّ وَزَهَقَ الْبَاطِلُ ۚ إِنَّ الْبَاطِلَ كَانَ زَهُوقًا ﴿٨١﴾

ang kabulaanan ay lagi nang maglalaho!"

82. At ipinanaog Namin mula sa Qur'an yaong mga bagay na nagpapagaling at isang habag sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah, at nagsasagawa nito), at ito ay nagpadagdag sa *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng mga kamalian, buktot, tampalasan) sa wala maliban sa pagkatalo.

وَنُنَزِّلُ مِنَ ٱلْقُرْءَانِ مَا هُوَ شِفَآءٌ وَرَحْمَةٌ لِّلْمُؤْمِنِينَ ۙ وَلَا يَزِيدُ ٱلظَّٰلِمِينَ إِلَّا خَسَارًا ﴿٨٢﴾

83. At nang Aming ipagkaloob ang Aming biyaya sa tao (ang hindi sumasampalataya), siya ay tumalikod at naging palalo, na higit na naging malayo sa tamang landas. At kung ang kasamaan ay sumaling sa kanya, siya ay nasa malaking pagkasiphayo (kawalan ng pag-asa).

وَإِذَآ أَنْعَمْنَا عَلَى ٱلْإِنسَٰنِ أَعْرَضَ وَنَـَٔا بِجَانِبِهِۦ ۖ وَإِذَا مَسَّهُ ٱلشَّرُّ كَانَ يَـُٔوسًا ﴿٨٣﴾

84. Ipagbadya (O Muhammad sa sangkatauhan): "Ang bawat isa ay gumagawa ayon sa kanyang paraan (o kanyang pananampalataya o kanyang mga layunin), at ang inyong Panginoon ang ganap na nakababatid sa kanya na nasa tumpak na Landas (pananampalataya)."

قُلْ كُلٌّ يَعْمَلُ عَلَىٰ شَاكِلَتِهِۦ ۖ فَرَبُّكُمْ أَعْلَمُ بِمَنْ هُوَ أَهْدَىٰ سَبِيلًا ﴿٨٤﴾

85. At sila ay nagtatanong sa iyo (O Muhamamad) tungkol sa *Ruh* (kaluluwa); iyong ipagbadya: "Ang tungkol sa *Ruh* (kaluluwa); ang kaalaman dito ay nasa aking Panginoon. At kayo (O sangkatauhan) ay hindi binigyan ng karunungan maliban sa kakarampot lamang."

وَيَسْـَٔلُونَكَ عَنِ ٱلرُّوحِ ۖ قُلِ ٱلرُّوحُ مِنْ أَمْرِ رَبِّى وَمَآ أُوتِيتُم مِّنَ ٱلْعِلْمِ إِلَّا قَلِيلًا ﴿٨٥﴾

86. At kung Aming ninais, katiyakan na Aming kukunin ang bagay na Aming ipinahayag sa iyo sa inspirasyon (alalaong baga, ang Qur'an). At ikaw ay hindi makatatagpo ng tagapagtanggol sa iyo laban sa Amin sa gayong bagay,

وَلَئِن شِئْنَا لَنَذْهَبَنَّ بِٱلَّذِىٓ أَوْحَيْنَآ إِلَيْكَ ثُمَّ لَا تَجِدُ لَكَ بِهِۦ عَلَيْنَا وَكِيلًا ﴿٨٦﴾

87. Maliban lamang ang Habag mula sa iyong Panginoon. Katotohanan, ang Kanyang Biyaya sa iyo (O Muhammad) ay lagi nang masagana.

إِلَّا رَحْمَةً مِّن رَّبِّكَ ۚ إِنَّ فَضْلَهُۥ كَانَ عَلَيْكَ كَبِيرًا ﴿٨٧﴾

88. Ipagbadya: "Katiyakan, kung ang sangkatauhan at mga *Jinn* ay magsama-sama upang makagawa ng katulad nitong Qur'an, sila ay hindi makagagawa ng katulad nito, kahit na sila ay magtulungan sa isa't isa."

قُل لَّئِنِ ٱجْتَمَعَتِ ٱلْإِنسُ وَٱلْجِنُّ عَلَىٰٓ أَن يَأْتُوا۟ بِمِثْلِ هَٰذَا ٱلْقُرْءَانِ لَا يَأْتُونَ بِمِثْلِهِۦ وَلَوْ كَانَ بَعْضُهُمْ لِبَعْضٍ ظَهِيرًا ﴿٨٨﴾

89. At katotohanang Aming ipinaliwanag nang ganap sa sangkatauhan, sa Qur'an na ito, ang lahat ng uri ng paghahambing (mga

وَلَقَدْ صَرَّفْنَا لِلنَّاسِ فِى هَٰذَا ٱلْقُرْءَانِ مِن كُلِّ مَثَلٍ فَأَبَىٰٓ أَكْثَرُ ٱلنَّاسِ إِلَّا كُفُورًا ﴿٨٩﴾

halimbawa), datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay tumatanggi maliban sa kawalan ng pananalig (alalaong baga, sila ay nagpapatuloy sa kawalan ng pananampalataya).

وَقَالُوا۟ لَن نُّؤْمِنَ لَكَ حَتَّىٰ تَفْجُرَ لَنَا مِنَ ٱلْأَرْضِ يَنۢبُوعًا ﴿٩٠﴾

90. At sila ay nagsasabi: "Kami ay hindi maniniwala sa iyo (O Muhammad), hanggang hindi mo pinapangyari para sa amin na ang batis ay umagos (bumalong) mula sa lupa;

أَوْ تَكُونَ لَكَ جَنَّةٌ مِّن نَّخِيلٍ وَعِنَبٍ فَتُفَجِّرَ ٱلْأَنْهَٰرَ خِلَٰلَهَا تَفْجِيرًا ﴿٩١﴾

91. O ikaw ay mayroong halamanan ng punong palmera (datiles) at mga ubas, at mapangyari na ang mga ilog ay magsidaloy sa pagitan nila nang masagana;

أَوْ تُسْقِطَ ٱلسَّمَآءَ كَمَا زَعَمْتَ عَلَيْنَا كِسَفًا أَوْ تَأْتِىَ بِٱللَّهِ وَٱلْمَلَٰٓئِكَةِ قَبِيلًا ﴿٩٢﴾

92. O iyong papangyarihin na ang kalangitan (alapaap) ay mahulog ng pira-piraso sa amin na kagaya ng iyong pinaninindigan, o iyong dalhin si Allah at ang mga anghel sa harapan (namin) nang lantad;

أَوْ يَكُونَ لَكَ بَيْتٌ مِّن زُخْرُفٍ أَوْ تَرْقَىٰ فِى ٱلسَّمَآءِ وَلَن نُّؤْمِنَ لِرُقِيِّكَ حَتَّىٰ تُنَزِّلَ عَلَيْنَا كِتَٰبًا نَّقْرَؤُهُۥ ۗ قُلْ سُبْحَانَ رَبِّى هَلْ كُنتُ إِلَّا بَشَرًا رَّسُولًا ﴿٩٣﴾

93. O ikaw ay may isang bahay na napapalamutihan ng mga mahihiyas na bagay (katulad ng pilak at purong ginto), o ikaw ay umakyat sa alapaap, at kahit na magkagayon pa, kami ay hindi maniniwala sa iyong pag-akyat hanggang hindi mo ipinapanaog sa amin ang isang aklat na aming mababasa." Ipagbadya mo (O Muhammad): "Maluwalhati (at Kataas-taasan) ang aking Panginoon (Allah) nang higit sa lahat ng mga kasamaan na kanilang itinatambal sa Kanya! Ako ay isa lamang tao na Tagapagbalita (Sugo)."

وَمَا مَنَعَ ٱلنَّاسَ أَن يُؤْمِنُوٓا۟ إِذْ جَآءَهُمُ ٱلْهُدَىٰٓ إِلَّآ أَن قَالُوٓا۟ أَبَعَثَ ٱللَّهُ بَشَرًا رَّسُولًا ﴿٩٤﴾

94. At walang anumang nakahadlang sa mga tao sa pananalig nang ang Patnubay ay dumatal sa kanila, maliban na sila ay nagsabi: "Si Allah ba ay nagsugo ng isang tao bilang (Kanyang) Sugo?"

قُل لَّوْ كَانَ فِى ٱلْأَرْضِ مَلَٰٓئِكَةٌ يَمْشُونَ مُطْمَئِنِّينَ لَنَزَّلْنَا عَلَيْهِم مِّنَ ٱلسَّمَآءِ مَلَكًا رَّسُولًا ﴿٩٥﴾

95. Ipagbadya mo (O Muhammad): "Kung mayroon man na mga anghel sa kalupaan na lumilibot sa kapanatagan, katiyakang Kami ay magpapadala para sa kanila mula sa langit ng isang anghel bilang isang Sugo."

قُلْ كَفَىٰ بِٱللَّهِ شَهِيدًۢا بَيْنِى وَبَيْنَكُمْ ۚ إِنَّهُۥ كَانَ بِعِبَادِهِۦ خَبِيرًۢا بَصِيرًا ﴿٩٦﴾

96. Ipagbadya mo (O Muhammad): "Sapat na si Allah bilang Saksi sa pagitan ko at ninyo. Katotohanang Siya ang Ganap na Nakakaalam,

ang Lubos na Nakamamasid sa Kanyang mga alipin."

97. At sinumang patnubayan ni Allah, siya ay tumpak na napapatnubayan, datapuwa't kung sinuman ang Kanyang iligaw, - para sa kanila ay hindi kayo makatatagpo ng tagapagtanggol maliban sa Kanya (Allah), at Aming titipunin sila nang sama-sama sa Araw ng Muling Pagkabuhay sa kanilang mukha; - mga bulag, pipi at bingi, ang kanilang pananahanan ay Impiyerno, kailanman na ito ay humuhupa (sa ningas), Aming daragdagan para sa kanila ang paglalagablab ng Apoy.

وَمَن يَهْدِ ٱللَّهُ فَهُوَ ٱلْمُهْتَدِ ۖ وَمَن يُضْلِلْ فَلَن تَجِدَ لَهُمْ أَوْلِيَآءَ مِن دُونِهِۦ ۖ وَنَحْشُرُهُمْ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ عَلَىٰ وُجُوهِهِمْ عُمْيًا وَبُكْمًا وَصُمًّا ۖ مَّأْوَىٰهُمْ جَهَنَّمُ ۖ كُلَّمَا خَبَتْ زِدْنَٰهُمْ سَعِيرًا ﴿٩٧﴾

98. Ito ang kanilang kabayaran sapagkat itinatwa nila ang Aming *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda) at nagsabi: "Kung kami ba ay mga buto na at bibinga (pira-piraso), kami ba ay tunay na ibabangong muli bilang isang bagong nilikha?"

ذَٰلِكَ جَزَآؤُهُم بِأَنَّهُمْ كَفَرُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا وَقَالُوٓا۟ أَءِذَا كُنَّا عِظَٰمًا وَرُفَٰتًا أَءِنَّا لَمَبْعُوثُونَ خَلْقًا جَدِيدًا ﴿٩٨﴾

99. Hindi baga nila namamasdan na si Allah na lumikha ng kalangitan at kalupaan ay Makapangyayari na lumikha ng katulad nila. At Siya ay nagtakda sa kanila ng natataningang araw na rito ay walang alinlangan. Datapuwa't ang *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian, buktot, tampalasan) ay tumatanggi maliban sa kawalan ng pananalig (alalaong baga, sila ay nagpapatuloy sa kawalan ng pananampalataya).

۞ أَوَلَمْ يَرَوْا۟ أَنَّ ٱللَّهَ ٱلَّذِى خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ قَادِرٌ عَلَىٰٓ أَن يَخْلُقَ مِثْلَهُمْ وَجَعَلَ لَهُمْ أَجَلًا لَّا رَيْبَ فِيهِ ۖ فَأَبَى ٱلظَّٰلِمُونَ إِلَّا كُفُورًا ﴿٩٩﴾

100. Ipagbadya mo (O Muhammad, sa mga hindi sumasampalataya): "Kung kayo ay nag-aangkin ng mga bangan ng Habag ng aking Panginoon (kayamanan, salapi, panustos na ikabubuhay), kung gayon, katiyakang kayo ay magpipigil (sa paggugol) dahil sa inyong pangangamba (na baka maubusan); ang tao ay lagi nang kuripot!"

قُل لَّوْ أَنتُمْ تَمْلِكُونَ خَزَآئِنَ رَحْمَةِ رَبِّىٓ إِذًا لَّأَمْسَكْتُمْ خَشْيَةَ ٱلْإِنفَاقِ ۚ وَكَانَ ٱلْإِنسَٰنُ قَتُورًا ﴿١٠٠﴾

101. At katotohanang iginawad Namin kay Moises ang siyam na maliliwanag na tanda. Inyong tanungin ang Angkan ng Israel, nang siya ay pumaroon sa kanila, at si Paraon ay nangusap sa kanya: "O Moises, inaakala ko na

وَلَقَدْ ءَاتَيْنَا مُوسَىٰ تِسْعَ ءَايَٰتٍۭ بَيِّنَٰتٍ ۖ فَسْـَٔلْ بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ إِذْ جَآءَهُمْ فَقَالَ لَهُۥ فِرْعَوْنُ إِنِّى لَأَظُنُّكَ يَٰمُوسَىٰ مَسْحُورًا ﴿١٠١﴾

ikaw ay isang inaalihan (ng demonyo)!"

قَالَ لَقَدْ عَلِمْتَ مَآ أَنزَلَ هَٰٓؤُلَآءِ إِلَّا رَبُّ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ بَصَآئِرَ وَإِنِّى لَأَظُنُّكَ يَٰفِرْعَوْنُ مَثْبُورًا ﴿١٠٢﴾

102. Siya (Moises) ay nagturing: "Katotohanang batid mo na ang mga tandang ito ay ipinanaog ng wala ng iba maliban sa Panginoon ng kalangitan at kalupaan bilang maliwanag na mga Katibayan (alalaong baga, tanda ng pagiging Isa ni Allah at Kanyang Kapangyarihan), at katiyakang aking inaakala na ikaw O Paraon, ay nakatakda sa pagkawasak (na malayo sa lahat ng mabuti)!"

فَأَرَادَ أَن يَسْتَفِزَّهُم مِّنَ ٱلْأَرْضِ فَأَغْرَقْنَٰهُ وَمَن مَّعَهُۥ جَمِيعًا ﴿١٠٣﴾

103. Kaya't pinagpasyahan niya (Paraon) na itaboy sila sa labas ng kalupaan (ng Ehipto). Datapuwa't Aming nilunod siya na kasama ang kanyang mga kapanalig.

وَقُلْنَا مِنۢ بَعْدِهِۦ لِبَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ ٱسْكُنُوا۟ ٱلْأَرْضَ فَإِذَا جَآءَ وَعْدُ ٱلْءَاخِرَةِ جِئْنَا بِكُمْ لَفِيفًا ﴿١٠٤﴾

104. At Aming ipinagtagubilin sa Angkan ng Israel pagkaraan niya: "Magsipanahan kayo sa kalupaan, at kung malapit na ang pangwakas at panghuling pangako (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay o ang pagpanaog ni Kristo [si Hesus, na anak ni Maria sa lupa]), Aming dadalhin kayo sa magkakahalong lipon (tinipon mula sa iba't ibang bansa o pamayanan).

وَبِٱلْحَقِّ أَنزَلْنَٰهُ وَبِٱلْحَقِّ نَزَلَ ۗ وَمَآ أَرْسَلْنَٰكَ إِلَّا مُبَشِّرًا وَنَذِيرًا ﴿١٠٥﴾

105. At sa Katotohanan ay Aming ipinanaog ito (alalaong baga, ang Qur'an), at sa Katotohanan ito ay bumaba. At isinugo ka Namin (O Muhammad), at wala ng iba, maliban na ikaw ay tagapagdala ng Masayang Balita (ng Paraiso, sa mga susunod sa iyong Mensahe), at bilang tagapagbabala (ng Apoy ng Impiyerno, sa mga tumatanggi na sumunod sa iyong Mensahe).

وَقُرْءَانًا فَرَقْنَٰهُ لِتَقْرَأَهُۥ عَلَى ٱلنَّاسِ عَلَىٰ مُكْثٍ وَنَزَّلْنَٰهُ تَنزِيلًا ﴿١٠٦﴾

106. At ang Qur'an na Aming ipinahayag nang baha-bahagi sa iyo upang (iyong) dalitin sa mga tao nang unti-unti, at ito ay patuloy Naming ipinahayag na magkakasunod (sa loob ng 23 taon).

قُلْ ءَامِنُوا۟ بِهِۦٓ أَوْ لَا تُؤْمِنُوٓا۟ ۚ إِنَّ ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْعِلْمَ مِن قَبْلِهِۦٓ إِذَا يُتْلَىٰ عَلَيْهِمْ يَخِرُّونَ لِلْأَذْقَانِ سُجَّدًا ﴿١٠٧﴾

107. Ipagbadya (O Muhammad sa kanila): "Manalig kayo rito (sa Qur'an), o kayo man ay hindi maniwala. Katotohanan, sila na nabigyan ng kaalaman bago pa ([sa Qur'an], ang mga Hudyo at Kristiyano katulad ni Abdullah bin Sallam at Salman Al-Farsi), nang ito ay dalitin sa kanila, sila ay nangayupapa sa kanilang

mukha at buong kapakumbabaan sa pagpapatirapa.

108. At sila ay nagsasabi: "Kaluwalhatian sa aming Panginoon! Katotohanan, ang pangako ng aming Panginoon ay marapat na matupad."

وَيَقُولُونَ سُبْحَٰنَ رَبِّنَآ إِن كَانَ وَعْدُ رَبِّنَا لَمَفْعُولًا ﴿١٠٨﴾

109. At sila ay nangayupapa sa kanilang mukha na nananangis at ito ay nakapagdagdag sa kanilang kapakumbabaan.

وَيَخِرُّونَ لِلْأَذْقَانِ يَبْكُونَ وَيَزِيدُهُمْ خُشُوعًا ﴿١٠٩﴾

110. Ipagbadya (O Muhammad): "Panikluhuran ninyo si Allah o panikluhuran ninyo ang Pinakamahabagin (Allah), sa anumang pangalan na inyong tawagin Siya (ito ay magkatulad lamang) para sa Kanya, sapagkat Siya ang nag-aangkin ng Pinakamagagandang Pangalan. At iyong usalin ang iyong panalangin nang hindi malakas, gayundin naman, nang hindi mahina, datapuwa't iyong sundin ang katamtaman."

قُلِ ٱدْعُوا۟ ٱللَّهَ أَوِ ٱدْعُوا۟ ٱلرَّحْمَٰنَ ۖ أَيًّا مَّا تَدْعُوا۟ فَلَهُ ٱلْأَسْمَآءُ ٱلْحُسْنَىٰ ۚ وَلَا تَجْهَرْ بِصَلَاتِكَ وَلَا تُخَافِتْ بِهَا وَٱبْتَغِ بَيْنَ ذَٰلِكَ سَبِيلًا ﴿١١٠﴾

111. At ipagbadya mo (O Muhammad): "Ang lahat ng Pagpupuri at Pasasalamat ay kay Allah lamang, na (Siya) ay hindi nagkaanak, at (Siya) ay walang katambal sa (Kanyang) Paghahari, gayundin, Siya ay hindi Isang aba upang magkaroon ng *Wali* (tagapagtangkilik, tagapagtanggol o tagapagtaguyod). At iyong ipagdiwang ang pagbubunyi sa Kanya ng may lahat ng pagpaparangal (alalaong baga, bigkasin ang *Allahu Akbar*, si Allah ang Pinakadakila).

وَقُلِ ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ ٱلَّذِى لَمْ يَتَّخِذْ وَلَدًا وَلَمْ يَكُن لَّهُۥ شَرِيكٌ فِى ٱلْمُلْكِ وَلَمْ يَكُن لَّهُۥ وَلِىٌّ مِّنَ ٱلذُّلِّ ۖ وَكَبِّرْهُ تَكْبِيرًا ﴿١١١﴾

سُورَةُ الْكَهْفِ

Surah 18

Surat Al-Kahf

(Ang Yungib)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay kay Allah lamang, na Siyang nagpapanaog ng Aklat (ang Qur'an) sa Kanyang alipin

ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ ٱلَّذِىٓ أَنزَلَ عَلَىٰ عَبْدِهِ ٱلْكِتَٰبَ وَلَمْ يَجْعَل لَّهُۥ عِوَجًا ﴿١﴾

(Muhammad), at (Siya) ay hindi naglagay dito ng anumang kasahulan (o kamalian).

2. (Ginawa Niya ito na) Tuwid upang magbigay ng babala (sa mga hindi sumasampalataya) ng isang matinding kaparusahan mula sa Kanya, at upang magbigay ng Masayang Balita sa mga sumasampalataya (sa Islam) na nagsisigawa ng kabutihan, na sa kanila ay may naghihintay na mainam na gantimpala (alalaong baga, ang Paraiso).

قَيِّمًا لِّيُنذِرَ بَأْسًا شَدِيدًا مِّن لَّدُنْهُ وَيُبَشِّرَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ٱلَّذِينَ يَعْمَلُونَ ٱلصَّٰلِحَٰتِ أَنَّ لَهُمْ أَجْرًا حَسَنًا ﴿٢﴾

3. Magsisipanahan sila rito magpakailanman.

مَّٰكِثِينَ فِيهِ أَبَدًا ﴿٣﴾

4. At upang bigyang-babala (ang mga Hudyo, Kristiyano, at pagano) na nagsasabi: "Si Allah ay nagkaanak ng lalaki (o mga anak at mga supling)."

وَيُنذِرَ ٱلَّذِينَ قَالُوا۟ ٱتَّخَذَ ٱللَّهُ وَلَدًا ﴿٤﴾

5. Sila ay walang kaalaman sa gayong bagay, gayundin ang kanilang mga ninuno. Masahol (malala) ang salita na nanggagaling sa kanilang bibig (alalaong baga, na Siya ay nagkaanak [o tumangkilik] ng mga anak na lalaki at babae). Sila ay wala ng ibang sinasabi maliban sa kasinungalingan.

مَّا لَهُم بِهِۦ مِنْ عِلْمٍ وَلَا لِءَابَآئِهِمْ ۚ كَبُرَتْ كَلِمَةً تَخْرُجُ مِنْ أَفْوَٰهِهِمْ ۚ إِن يَقُولُونَ إِلَّا كَذِبًا ﴿٥﴾

6. Marahil, ikaw (O Muhammad), - ay wari bang nais mong patayin ang iyong sarili dahilan sa dalamhati (sa kanilang pagtalikod sa iyo), kung sila ay hindi maniniwala sa ganitong Mensahe (ang Qur'an).

فَلَعَلَّكَ بَٰخِعٌ نَّفْسَكَ عَلَىٰٓ ءَاثَٰرِهِمْ إِن لَّمْ يُؤْمِنُوا۟ بِهَٰذَا ٱلْحَدِيثِ أَسَفًا ﴿٦﴾

7. Katotohanang Aming ginawa ang mga nilikha na nasa kalupaan bilang isang palamuti rito, upang Aming masubukan sila (sangkatauhan) kung sino sa kanila ang gumagawa ng kabutihan (at kung sino sa kanila ang gumagawa ng kasamaan).

إِنَّا جَعَلْنَا مَا عَلَى ٱلْأَرْضِ زِينَةً لَّهَا لِنَبْلُوَهُمْ أَيُّهُمْ أَحْسَنُ عَمَلًا ﴿٧﴾

8. At katotohanan, Aming gagawin ang lahat ng naririto (sa kalupaan, pagkatapos ng mundo) na maging tigang na lupa (na walang anumang halamanan o punongkahoy).

وَإِنَّا لَجَٰعِلُونَ مَا عَلَيْهَا صَعِيدًا جُرُزًا ﴿٨﴾

9. O napag-aakala mo ba na ang mga tao ng Yungib at ang Nakalimbag (ang balita o mga pangalan ng mga tao ng Yungib) ay kamangha-mangha sa gitna ng Aming mga Tanda?

أَمْ حَسِبْتَ أَنَّ أَصْحَٰبَ ٱلْكَهْفِ وَٱلرَّقِيمِ كَانُوا۟ مِنْ ءَايَٰتِنَا عَجَبًا ﴿٩﴾

10. (At gunitain) nang ang mga kabataang lalaki ay tumalilis tungo sa kaligtasan (mula sa mga tao na hindi sumasampalataya) sa Yungib,

إِذْ أَوَى ٱلْفِتْيَةُ إِلَى ٱلْكَهْفِ فَقَالُوا۟ رَبَّنَآ ءَاتِنَا مِن لَّدُنكَ رَحْمَةً وَهَيِّئْ لَنَا مِنْ أَمْرِنَا

at sila ay nagsabi: "O aming Panginoon! Kami ay pagkalooban Ninyo ng Habag mula sa Inyong Sarili at pagaanin Ninyo ang aming kalagayan sa tamang landas!"

رَشَدًا ﴿١٠﴾

11. Kaya't Aming tinakpan ang kanilang pandinig (na nagdulot sa kanila na makatulog nang lubhang mahimbing) sa loob ng Yungib sa maraming taon.

فَضَرَبْنَا عَلَىٰٓ ءَاذَانِهِمْ فِى ٱلْكَهْفِ سِنِينَ عَدَدًا ﴿١١﴾

12. At (pagkaraan) ay Aming ibinangon sila (sa kanilang pagkakatulog) upang Aming masubukan kung sino sa dalawang pangkat ang pinakamagaling sa pagsusulit kung gaano kahabang panahon na sila ay namalagi (sa Yungib).

ثُمَّ بَعَثْنَٰهُمْ لِنَعْلَمَ أَىُّ ٱلْحِزْبَيْنِ أَحْصَىٰ لِمَا لَبِثُوٓا۟ أَمَدًا ﴿١٢﴾

13. Aming isasalaysay sa iyo (O Muhammad) ang kanilang kasaysayan sa katotohanan. Katunayan, sila ay mga kabataang lalaki na sumampalataya sa kanilang Panginoon (Allah), at Aming dinagdagan ang kanilang patnubay.

نَّحْنُ نَقُصُّ عَلَيْكَ نَبَأَهُم بِٱلْحَقِّ ۚ إِنَّهُمْ فِتْيَةٌ ءَامَنُوا۟ بِرَبِّهِمْ وَزِدْنَٰهُمْ هُدًى ﴿١٣﴾

14. At Aming ginawa ang kanilang puso na maging matatag at malakas (na may liwanag ng Pananalig kay Allah at Aming iginawad sa kanila ang pagkamatiisin upang kanilang mabata ang pagiging hiwalay nila sa kanilang mga kamag-anak at tirahan), nang sila ay tumindig at nagsabi: "Ang aming Panginoon ay Siyang Panginoon ng kalangitan at kalupaan, kailanman ay hindi kami tatawag sa anumang diyos maliban lamang sa Kanya; at kung kami ay gumawa ng gayon, katotohanang kami ay umusal ng isang mabigat na bagay sa kawalan ng pananalig.

وَرَبَطْنَا عَلَىٰ قُلُوبِهِمْ إِذْ قَامُوا۟ فَقَالُوا۟ رَبُّنَا رَبُّ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ لَن نَّدْعُوَا۟ مِن دُونِهِۦٓ إِلَٰهًا ۖ لَّقَدْ قُلْنَآ إِذًا شَطَطًا ﴿١٤﴾

15. Sila, na aming pamayanan, ay tumangkilik pa ng ibang diyos upang sambahin maliban pa sa Kanya (Allah). Bakit hindi sila magdala para sa kanila ng isang maliwanag na katibayan? At sino pa kaya ang higit na gumagawa ng kamalian maliban sa kanya na gumagawa ng kasinungalingan laban kay Allah.

هَٰٓؤُلَآءِ قَوْمُنَا ٱتَّخَذُوا۟ مِن دُونِهِۦٓ ءَالِهَةً ۖ لَّوْلَا يَأْتُونَ عَلَيْهِم بِسُلْطَٰنٍۭ بَيِّنٍ ۖ فَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّنِ ٱفْتَرَىٰ عَلَى ٱللَّهِ كَذِبًا ﴿١٥﴾

16. (Ang mga kabataang lalaki ay nagsabi sa isa't isa): "At kung kayo ay humiwalay sa kanila at sa kanilang sinasamba maliban pa kay Allah,

وَإِذِ ٱعْتَزَلْتُمُوهُمْ وَمَا يَعْبُدُونَ إِلَّا ٱللَّهَ فَأْوُۥٓا۟ إِلَى ٱلْكَهْفِ يَنشُرْ لَكُمْ رَبُّكُم مِّن رَّحْمَتِهِۦ

kung gayon, kayo ay humanap ng kaligtasan (umurong) sa Yungib, ang inyong Panginoon ay magbubukas ng daan para sa inyo mula sa Kanyang Habag at gagawin Niyang madali sa inyo ang inyong kalagayan (alalaong baga, Kanyang bibigyan kayo ng inyong ikabubuhay, tirahan).”

وَيُهَيِّئْ لَكُم مِّنْ أَمْرِكُم مِّرْفَقًا ﴿١٦﴾

17. At maaaring napagmalas ninyo ang araw, nang ito ay sumikat, na bumababa sa kanila sa gawing kanan ng Yungib, at kung ito ay lumubog ay lumalayo ito sa kanila sa gawing kaliwa habang sila ay nasa gitna (ng kaaliwalasan) ng Yungib. Yaon ay kabilang sa *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, tanda, aral) ni Allah. Sinumang patnubayan ni Allah, siya ay tumpak na napapatnubayan; at sinuman ang Kanyang iligaw, kayo ay hindi makatatagpo ng *Wali* (namamatnubay na kaibigan) para sa kanya upang gabayan siya (sa Tuwid na Landas).

۞ وَتَرَى ٱلشَّمْسَ إِذَا طَلَعَت تَّزَٰوَرُ عَن كَهْفِهِمْ ذَاتَ ٱلْيَمِينِ وَإِذَا غَرَبَت تَّقْرِضُهُمْ ذَاتَ ٱلشِّمَالِ وَهُمْ فِى فَجْوَةٍ مِّنْهُ ۚ ذَٰلِكَ مِنْ ءَايَٰتِ ٱللَّهِ ۗ مَن يَهْدِ ٱللَّهُ فَهُوَ ٱلْمُهْتَدِ ۖ وَمَن يُضْلِلْ فَلَن تَجِدَ لَهُۥ وَلِيًّا مُّرْشِدًا ﴿١٧﴾

18. At inyong napag-aakala na sila ay gising, samantalang sila ay natutulog. At Aming ibinibiling sila sa kanilang kanang bahagi at sa kanilang kaliwang bahagi (ng katawan), at ang kanilang aso ay nag-uunat ng kanyang dalawang binti sa bukana (ng Yungib o sa lugar na malapit sa pasukan ng Yungib bilang isang tagapagbantay sa pasukan). At kung sila ay iyong pinagmasdan, katiyakang ikaw ay tatalikod sa kanila na tumatalilis, at katiyakang ikaw ay mapupuspos ng sindak sa kanila.

وَتَحْسَبُهُمْ أَيْقَاظًا وَهُمْ رُقُودٌ ۚ وَنُقَلِّبُهُمْ ذَاتَ ٱلْيَمِينِ وَذَاتَ ٱلشِّمَالِ ۖ وَكَلْبُهُم بَٰسِطٌ ذِرَاعَيْهِ بِٱلْوَصِيدِ ۚ لَوِ ٱطَّلَعْتَ عَلَيْهِمْ لَوَلَّيْتَ مِنْهُمْ فِرَارًا وَلَمُلِئْتَ مِنْهُمْ رُعْبًا ﴿١٨﴾

19. At gayundin, ay Aming ginising sila (sa kanilang mahaba at mahimbing na pagkakatulog) upang sila ay makapagtanong sa bawat isa. Ang isa sa kanila ay nagsabi: “Gaano katagal na kayo ay namalagi (rito)?” Sila ay nagsabi: “(Marahil) kami ay namalagi lamang ng isang araw o bahagi ng isang araw.” Sila ay nagsabi: “Ang inyong Panginoon (lamang) ang ganap na nakakaalam kung gaano katagal kayo namalagi (rito). Kaya’t inyong papuntahin ang isa sa inyo sa bayan na may dala ng sensilyong pilak na galing sa inyo, at hayaan ninyong

وَكَذَٰلِكَ بَعَثْنَٰهُمْ لِيَتَسَآءَلُوا۟ بَيْنَهُمْ ۚ قَالَ قَآئِلٌ مِّنْهُمْ كَمْ لَبِثْتُمْ ۖ قَالُوا۟ لَبِثْنَا يَوْمًا أَوْ بَعْضَ يَوْمٍ ۚ قَالُوا۟ رَبُّكُمْ أَعْلَمُ بِمَا لَبِثْتُمْ فَٱبْعَثُوٓا۟ أَحَدَكُم بِوَرِقِكُمْ هَٰذِهِۦٓ إِلَى ٱلْمَدِينَةِ فَلْيَنظُرْ أَيُّهَآ أَزْكَىٰ طَعَامًا فَلْيَأْتِكُم بِرِزْقٍ مِّنْهُ وَلْيَتَلَطَّفْ وَلَا يُشْعِرَنَّ بِكُمْ أَحَدًا ﴿١٩﴾

hanapin niya kung ano ang mainam at pinahihintulutang pagkain, at siya ay magdala ng ilan sa mga ito sa inyo. At pagtagubilinan siya na maging maingat at huwag hayaan ang sinuman na makakilala sa inyo,

إِنَّهُمْ إِن يَظْهَرُوا۟ عَلَيْكُمْ يَرْجُمُوكُمْ أَوْ يُعِيدُوكُمْ فِى مِلَّتِهِمْ وَلَن تُفْلِحُوٓا۟ إِذًا أَبَدًا ﴿٢٠﴾

20. Sapagkat kung kayo ay kanilang makikilala, ay kanilang babatuhin kayo (hanggang mamatay o kanilang aabusuhin o sasaktan kayo), o kayo ay ibabalik nilang muli sa kanilang pananampalataya; at sa gayong pangyayari, kayo ay hindi magtatagumpay."

وَكَذَٰلِكَ أَعْثَرْنَا عَلَيْهِمْ لِيَعْلَمُوٓا۟ أَنَّ وَعْدَ ٱللَّهِ حَقٌّ وَأَنَّ ٱلسَّاعَةَ لَا رَيْبَ فِيهَآ إِذْ يَتَنَٰزَعُونَ بَيْنَهُمْ أَمْرَهُمْ ۖ فَقَالُوا۟ ٱبْنُوا۟ عَلَيْهِم بُنْيَٰنًا ۖ رَّبُّهُمْ أَعْلَمُ بِهِمْ ۗ قَالَ ٱلَّذِينَ غَلَبُوا۟ عَلَىٰٓ أَمْرِهِمْ لَنَتَّخِذَنَّ عَلَيْهِم مَّسْجِدًا ﴿٢١﴾

21. At nangyari na Aming hinayaan na sila ay matagpuan (ng mga tao), upang kanilang mabatid na ang pangako ni Allah ay tunay at walang maging pag-aalinlangan sa (Huling) Oras. (Gunitain) nang sila (na mga tao ng lungsod) ay nagtalu-talo sa kanilang sarili tungkol sa pangyayari, sila ay nagsabi: "Magsipagtayo kayo ng gusali sa ibabaw nila (sa bukana ng Yungib), ang kanilang Panginoon ang higit na nakakaalam sa kanila," Yaong mga nanaig sa (gayong) bagay ay nagsabi: "Katotohanang kami ay magtatayo sa ibabaw nila ng isang lugar ng pagsamba (*Masjid*)."

سَيَقُولُونَ ثَلَٰثَةٌ رَّابِعُهُمْ كَلْبُهُمْ ۖ وَيَقُولُونَ خَمْسَةٌ سَادِسُهُمْ كَلْبُهُمْ رَجْمًۢا بِٱلْغَيْبِ ۖ وَيَقُولُونَ سَبْعَةٌ وَثَامِنُهُمْ كَلْبُهُمْ ۚ قُل رَّبِّىٓ أَعْلَمُ بِعِدَّتِهِم مَّا يَعْلَمُهُمْ إِلَّا قَلِيلٌ ۗ فَلَا تُمَارِ فِيهِمْ إِلَّا مِرَآءً ظَٰهِرًا ۖ وَلَا تَسْتَفْتِ فِيهِم مِّنْهُمْ أَحَدًا ﴿٢٢﴾

22. (Ang ilan) ay nagsasabi na sila ay tatlo, ang aso ay bilang pang-apat sa lipon nila; at (ang iba) ay nagsasabi na sila ay lima, ang aso ay bilang pang-anim, na humuhula sa nalilingid; (ngunit ang mga iba) ay nagsasabi na sila ay pito, ang aso ay bilang pangwalo. Ipagbadya (O Muhammad): "Ang aking Panginoon ang ganap na nakatatalos ng kanilang bilang; walang nakakaalam sa kanila maliban sa iilan lamang." Kaya't huwag ninyong pagtalunan (ang kanilang bilang), maliban (lamang) kung mayroong maliwanag na katibayan (na Aming ipinahayag sa iyo). At huwag kang sumangguni sa isa man sa kanila (mga tao ng Kasulatan, Hudyo at Kristiyano) ng tungkol sa mga tao ng Yungib.

وَلَا تَقُولَنَّ لِشَاْىْءٍ إِنِّى فَاعِلٌ ذَٰلِكَ غَدًا ﴿٢٣﴾

23. At huwag kayong magsabi kailanman sa anumang bagay: "Aking gagawin bukas ang ganitong bagay",

إِلَّآ أَن يَشَآءَ ٱللَّهُ ۚ وَٱذْكُر رَّبَّكَ إِذَا نَسِيتَ ۖ وَقُلْ عَسَىٰٓ أَن يَهْدِيَنِ رَبِّى لِأَقْرَبَ مِنْ هَٰذَا رَشَدًا ﴿٢٤﴾

24. Maliban (na sabihin): "Kung pahihintulutan ni Allah!" At alalahanin mo ang iyong Panginoon kung ikaw ay nakalimot at magsabi: "Maaaring ang aking Panginoon ay mamamatnubay sa akin nang higit na malapit sa katotohanan kaysa rito."

وَلَبِثُوا۟ فِى كَهْفِهِمْ ثَلَٰثَ مِا۟ئَةٍ سِنِينَ وَٱزْدَادُوا۟ تِسْعًا ﴿٢٥﴾

25. At sila ay namalagi sa kanilang Yungib ng tatlong daang taon, at magdagdag ng siyam.

قُلِ ٱللَّهُ أَعْلَمُ بِمَا لَبِثُوا۟ ۖ لَهُۥ غَيْبُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ أَبْصِرْ بِهِۦ وَأَسْمِعْ ۚ مَا لَهُم مِّن دُونِهِۦ مِن وَلِىٍّ وَلَا يُشْرِكُ فِى حُكْمِهِۦٓ أَحَدًا ﴿٢٦﴾

26. Ipagbadya: "Si Allah ang higit na nakakaalam kung gaano sila katagal na namalagi. Siya ang nag-aangkin (ng kaalaman) ng mga nalilingid sa kalangitan at kalupaan. Gaano Siya kaliwanag na nakamamalas at nakakarinig (ng lahat-lahat)! Sila ay walang *Wali* (Tagapagtangkilik, Tagapagpasya ng mga pangyayari, Tagapangalaga) maliban sa Kanya, at hindi Niya ginawaran ang sinuman na makihati sa Kanyang Pagpapasya at Kanyang Pamamahala."

وَٱتْلُ مَآ أُوحِىَ إِلَيْكَ مِن كِتَابِ رَبِّكَ ۖ لَا مُبَدِّلَ لِكَلِمَٰتِهِۦ وَلَن تَجِدَ مِن دُونِهِۦ مُلْتَحَدًا ﴿٢٧﴾

27. At dalitin mo kung ano ang ipinahayag sa iyo (O Muhammad) mula sa Aklat (ang Qur'an) ng iyong Panginoon (alalaong baga, dalitin ito, unawain at sundin ang mga turo at tumugon sa pag-uutos nito at ipangaral sa mga tao). Walang sinuman ang makakapagpabago ng Kanyang mga Salita, at wala kang matatagpuang kanlungan na iba pa sa Kanya.

وَٱصْبِرْ نَفْسَكَ مَعَ ٱلَّذِينَ يَدْعُونَ رَبَّهُم بِٱلْغَدَوٰةِ وَٱلْعَشِىِّ يُرِيدُونَ وَجْهَهُۥ ۖ وَلَا تَعْدُ عَيْنَاكَ عَنْهُمْ تُرِيدُ زِينَةَ ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا ۖ وَلَا تُطِعْ مَنْ أَغْفَلْنَا قَلْبَهُۥ عَن ذِكْرِنَا وَٱتَّبَعَ هَوَىٰهُ وَكَانَ أَمْرُهُۥ فُرُطًا ﴿٢٨﴾

28. At panatilihin mo ang iyong sarili (O Muhammad) sa pagtitiyaga na kasama ng mga nananalangin sa kanilang Panginoon (alalaong baga, ang iyong mga kasamahan na nakakaala-ala sa kanilang Panginoon ng may pagluwalhati, pagpupuri sa pagdarasal, at iba pang matutuwid na gawa) sa umaga at hapon, na naghahangad ng Kanyang pagkalugod, at huwag hayaan ang iyong mga mata ay lumagpas nang higit pa sa kanila, na naghahangad ng mga palamuti ng makamundong buhay; at huwag mong sundin siya, na ang puso ay Aming ginawa na huwag makinig sa Aming Pagpapaala-ala, siya na sumusunod sa kanyang mga pagnanasa at sila

na ang mga gawa ay nawala.

29. At ipagbadya: "Ang Katotohanan ay mula sa inyong Panginoon." At kung sinuman ang magnais, hayaan siyang manampalataya, at kung sinuman ang magnais, hayaan siyang huwag manampalataya. Katotohanang Aming inihanda sa *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, buktot, tampalasan) ang Apoy na ang mga dingding nito ay nakapalibot sa kanila (mga walang pananalig sa Kaisahan ni Allah). At kung sila ay hihingi ng tulong (ginhawa, tubig), sila ay bibigyan ng tubig na tulad ng kumukulong langis na babanli sa kanilang mukha. Kakila-kilabot ang inumin dito at isang masamang paninirahan (o pahingahang lugar)!

وَقُلِ ٱلْحَقُّ مِن رَّبِّكُمْ ۖ فَمَن شَآءَ فَلْيُؤْمِن وَمَن شَآءَ فَلْيَكْفُرْ ۚ إِنَّآ أَعْتَدْنَا لِلظَّٰلِمِينَ نَارًا أَحَاطَ بِهِمْ سُرَادِقُهَا ۚ وَإِن يَسْتَغِيثُوا۟ يُغَاثُوا۟ بِمَآءٍ كَٱلْمُهْلِ يَشْوِى ٱلْوُجُوهَ ۚ بِئْسَ ٱلشَّرَابُ وَسَآءَتْ مُرْتَفَقًا ﴿٢٩﴾

30. Katotohanan, sa mga sumasampalataya at gumagawa ng kabutihan, katiyakang hindi Namin hahayaan na mawala ang gantimpala ng sinumang gumagawa ng kabutihan.

إِنَّ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ إِنَّا لَا نُضِيعُ أَجْرَ مَنْ أَحْسَنَ عَمَلًا ﴿٣٠﴾

31. At sa kanila, sila ay magtatamo ng Paraisong *'Adn* ([Eden] Walang Hanggang Halamanan); na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy, dito sila ay papalamutihan ng mga pulseras na ginto, at sila ay magsusuot ng luntiang damit na pino at makapal na sutla. Sila ay magsisihilig doon sa mga nakataas na luklukan. Gaano kainam ang gantimpala, at isang kalugud-lugod na paninirahan (o pahingahang lugar)!

أُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمْ جَنَّٰتُ عَدْنٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهِمُ ٱلْأَنْهَٰرُ يُحَلَّوْنَ فِيهَا مِنْ أَسَاوِرَ مِن ذَهَبٍ وَيَلْبَسُونَ ثِيَابًا خُضْرًا مِّن سُندُسٍ وَإِسْتَبْرَقٍ مُّتَّكِـِٔينَ فِيهَا عَلَى ٱلْأَرَآئِكِ ۚ نِعْمَ ٱلثَّوَابُ وَحَسُنَتْ مُرْتَفَقًا ﴿٣١﴾

32. At ihantad sa kanila ang halimbawa ng dalawang tao; sa isa sa kanila ay nagkaloob Kami ng dalawang halamanan ng ubas, at kapwa ito ay pinalibutan Namin ng mga punong palmera (datiles), at naglagay kami sa pagitan nito ng mga mabubungkal (o masasaka) na bukid.

۞ وَٱضْرِبْ لَهُم مَّثَلًا رَّجُلَيْنِ جَعَلْنَا لِأَحَدِهِمَا جَنَّتَيْنِ مِنْ أَعْنَٰبٍ وَحَفَفْنَٰهُمَا بِنَخْلٍ وَجَعَلْنَا بَيْنَهُمَا زَرْعًا ﴿٣٢﴾

33. Ang bawat isa sa dalawang halamanan ay nagbigay ng kanyang ani, at hindi kailanman kahit na kaunti ito ay nagmaliw, at hinayaan Namin ang isang ilog na dumaloy dito sa (kanilang) pagitan.

كِلْتَا ٱلْجَنَّتَيْنِ ءَاتَتْ أُكُلَهَا وَلَمْ تَظْلِم مِّنْهُ شَيْـًٔا ۚ وَفَجَّرْنَا خِلَٰلَهُمَا نَهَرًا ﴿٣٣﴾

34. At siya ay mayroong ari-arian (o

وَكَانَ لَهُۥ ثَمَرٌ ۚ فَقَالَ لِصَٰحِبِهِۦ وَهُوَ يُحَاوِرُهُۥٓ

bungangkahoy), at kanyang sinabi sa kanyang kasama, sa kahabaan ng magkapanabay na pag-uusap: "Ako ay higit na marami sa iyo sa kayamanan at malakas kung tungkol (sa bilang) ng mga tauhan."

أَنَا۠ أَكْثَرُ مِنكَ مَالًا وَأَعَزُّ نَفَرًا ﴿٣٤﴾

35. At siya ay pumaroon sa kanyang halamanan habang nasa kalagayan (ng kapalaluan at kawalang-pananalig) at walang katarungan sa kanyang sarili. Siya ay nagsabi: "Hindi ako nag-aakala na ito ay maglalaho sa akin.

وَدَخَلَ جَنَّتَهُۥ وَهُوَ ظَالِمٌ لِّنَفْسِهِۦ قَالَ مَآ أَظُنُّ أَن تَبِيدَ هَٰذِهِۦٓ أَبَدًا ﴿٣٥﴾

36. At hindi ko inaakala na ang Oras (ang Araw ng Paghuhukom) ay darating nga, at kung katotohanan na ako ay muling ibabalik sa aking Panginoon (sa Araw ng Muling Pagkabuhay), katiyakang ako ay makatatagpo nang higit na mainam pa rito kung ako ay magbalik sa Kanya."

وَمَآ أَظُنُّ ٱلسَّاعَةَ قَآئِمَةً وَلَئِن رُّدِدتُّ إِلَىٰ رَبِّى لَأَجِدَنَّ خَيْرًا مِّنْهَا مُنقَلَبًا ﴿٣٦﴾

37. Ang kanyang kasama ay nagsabi sa kanya sa kalaunan ng kanilang pag-uusap: "Ikaw baga ay hindi nananalig sa Kanya, na Siyang lumikha sa iyo mula sa alabok (alalaong baga, ang iyong ama na si Adan), at mula sa *Nutfah* (magkahalong patak ng semilya ng lalaki at babae), at ikaw ay hinubog bilang isang tao?

قَالَ لَهُۥ صَاحِبُهُۥ وَهُوَ يُحَاوِرُهُۥٓ أَكَفَرْتَ بِٱلَّذِى خَلَقَكَ مِن تُرَابٍ ثُمَّ مِن نُّطْفَةٍ ثُمَّ سَوَّىٰكَ رَجُلًا ﴿٣٧﴾

38. Datapuwa't kung sa aking sarili, (ako ay nananampalataya) na Siya si Allah, ang aking Panginoon, at walang anupaman ang aking iniaakibat bilang katambal sa aking Panginoon."

لَّٰكِنَّا۠ هُوَ ٱللَّهُ رَبِّى وَلَآ أُشْرِكُ بِرَبِّىٓ أَحَدًا ﴿٣٨﴾

39. At nang ikaw ay pumasok sa iyong halamanan, marapat na iyong sinabi: "Kung anuman ang maibigan ni Allah (ay mangyayari); wala ng iba pang kapangyarihan maliban kay Allah", bagama't ako ay itinuturing mo na mababa sa iyo sa kayamanan at mga anak, -

وَلَوْلَآ إِذْ دَخَلْتَ جَنَّتَكَ قُلْتَ مَا شَآءَ ٱللَّهُ لَا قُوَّةَ إِلَّا بِٱللَّهِ ۚ إِن تَرَنِ أَنَا۠ أَقَلَّ مِنكَ مَالًا وَوَلَدًا ﴿٣٩﴾

40. Maaaring ang aking Panginoon ay magbibigay sa akin ng bagay na higit na mainam sa iyong halamanan, at magpapadala rito ng kaparusahan (kidlat) mula sa alapaap, kung gayon, ito ay magiging madulas na kalupaan,

فَعَسَىٰ رَبِّىٓ أَن يُؤْتِيَنِ خَيْرًا مِّن جَنَّتِكَ وَيُرْسِلَ عَلَيْهَا حُسْبَانًا مِّنَ ٱلسَّمَآءِ فَتُصْبِحَ صَعِيدًا زَلَقًا ﴿٤٠﴾

41. O ang tubig kaya (sa halamanan) ay manunuot sa kailaliman (ng lupa) upang hindi mo kailanman mapaghanap ito."

أَوْ يُصْبِحَ مَآؤُهَا غَوْرًا فَلَن تَسْتَطِيعَ لَهُۥ طَلَبًا ﴿٤١﴾

وَأُحِيطَ بِثَمَرِهِۦ فَأَصْبَحَ يُقَلِّبُ كَفَّيْهِ عَلَىٰ مَآ أَنفَقَ فِيهَا وَهِىَ خَاوِيَةٌ عَلَىٰ عُرُوشِهَا وَيَقُولُ يَٰلَيْتَنِى لَمْ أُشْرِكْ بِرَبِّىٓ أَحَدًا ﴿٤٢﴾

42. Kaya't ang mga bungangkahoy nito ay napaligiran (ng pagkawasak). Kaya't sinimulan niyang ibalikwas ang kanyang mga kamay (sa pagdadalamhati) dahilan sa kanyang mga ginugol dito. Samantalang ang mga ito ay nawasak na lahat sa kanyang mga balag, at ang kanya lamang nasabi: "Dapat sana ay hindi ako nag-akibat ng mga katambal sa aking Panginoon!" (Tafsir Ibn Kathir).

وَلَمْ تَكُن لَّهُۥ فِئَةٌ يَنصُرُونَهُۥ مِن دُونِ ٱللَّهِ وَمَا كَانَ مُنتَصِرًا ﴿٤٣﴾

43. At wala siyang pangkat ng mga tao na makatutulong sa kanya laban kay Allah, gayundin naman, ay hindi niya maipagtatanggol (o maililigtas) ang kanyang sarili.

هُنَالِكَ ٱلْوَلَٰيَةُ لِلَّهِ ٱلْحَقِّ ۚ هُوَ خَيْرٌ ثَوَابًا وَخَيْرٌ عُقْبًا ﴿٤٤﴾

44. At doon, (sa Araw ng Muling Pagkabuhay), ang pangangalaga (kapangyarihan, kapamahalaan at kaharian) ay tanging kay Allah (lamang), ang Tunay na Diyos. Siya (Allah) ang Pinakamainam sa gantimpala at Pinakamainam na huling hantungan.

وَٱضْرِبْ لَهُم مَّثَلَ ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا كَمَآءٍ أَنزَلْنَٰهُ مِنَ ٱلسَّمَآءِ فَٱخْتَلَطَ بِهِۦ نَبَاتُ ٱلْأَرْضِ فَأَصْبَحَ هَشِيمًا تَذْرُوهُ ٱلرِّيَٰحُ ۗ وَكَانَ ٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ مُّقْتَدِرًا ﴿٤٥﴾

45. At ihantad sa kanila ang halimbawa ng buhay sa mundong ito; ito ay katulad ng tubig (ulan) na Aming ipinanaog mula sa alapaap, at ang halamanan ng kalupaan ay sumanib dito (sa ulan) at naging sariwa at luntian. Datapuwa't (sa bandang huli), ito ay naging tuyo at nadurog sa mga piraso na ikinakalat ng hangin. At si Allah ay Makagagawa ng lahat ng bagay.

ٱلْمَالُ وَٱلْبَنُونَ زِينَةُ ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا ۖ وَٱلْبَٰقِيَٰتُ ٱلصَّٰلِحَٰتُ خَيْرٌ عِندَ رَبِّكَ ثَوَابًا وَخَيْرٌ أَمَلًا ﴿٤٦﴾

46. Ang kayamanan at mga anak ay palamuti ng buhay sa mundong ito. Datapuwa't ang mabuti at matuwid na mga gawa[38] na nagtatagal ay higit na mabuti sa Paningin ng iyong Panginoon kung sa gantimpala, at higit na mainam kung patungkol sa pag-asa.

وَيَوْمَ نُسَيِّرُ ٱلْجِبَالَ وَتَرَى ٱلْأَرْضَ بَارِزَةً وَحَشَرْنَٰهُمْ فَلَمْ نُغَادِرْ مِنْهُمْ أَحَدًا ﴿٤٧﴾

47. At (alalahanin) ang Araw na Aming papapangyarihin na ang kabundukan ay maguho (na tulad ng ulap ng alikabok), at inyong makikita ang kalupaan na tulad ng pinatag na lupa, at sila ay Aming titipunin nang sama-sama upang walang maiwan kahit na isa.

وَعُرِضُوا۟ عَلَىٰ رَبِّكَ صَفًّا لَّقَدْ جِئْتُمُونَا كَمَا

48. At sila ay itatambad sa harapan ng iyong Panginoon sa mga hanay, (at si Allah ay

[38] Ang limang takdang panalangin, mga gawa ng pagsunod kay Allah, mapitagang pag-uusap, pag-aala-ala kay Allah ng may pagluwalhati, papuri at pasasalamat.

magpapahayag): "Ngayon, katotohanang kayo ay dumatal sa Amin na katulad ng paglikha Namin sa inyo noong una. Datapuwa't inyong inakala na Kami ay hindi nagtakda ng inyong pakikipagtipan (sa Amin)."

خَلَقْنَٰكُمْ أَوَّلَ مَرَّةٍۭ ۚ بَلْ زَعَمْتُمْ أَلَّن نَّجْعَلَ لَكُم مَّوْعِدًا ﴿٤٨﴾

49. At ang Talaan (ng bawat isa) ay ilalagay (sa kanang kamay ng isang sumasampalataya sa Kaisahan ni Allah, at sa kaliwang kamay ng hindi nananampalataya sa Kaisahan ni Allah), at inyong mapagmamalas ang *Mujrimun* (mga kriminal, makasalanan, mapagsamba sa diyus-diyosan) na natatakot sa anumang (nakasulat) dito. Sila ay magsasabi: "Kasawian sa amin! Anong uri ng Aklat ito na hindi nakaligta ng anuman maging nang maliit o malaking bagay, datapuwa't nagtala ito sa maraming bilang!" At kanilang matatagpuan (dito) ang lahat ng kanilang ginawa na inihantad sa kanilang harapan, at ang inyong Panginoon ay hindi nakikitungo sa sinuman ng walang katarungan.

وَوُضِعَ ٱلْكِتَٰبُ فَتَرَى ٱلْمُجْرِمِينَ مُشْفِقِينَ مِمَّا فِيهِ وَيَقُولُونَ يَٰوَيْلَتَنَا مَالِ هَٰذَا ٱلْكِتَٰبِ لَا يُغَادِرُ صَغِيرَةً وَلَا كَبِيرَةً إِلَّآ أَحْصَىٰهَا ۚ وَوَجَدُوا۟ مَا عَمِلُوا۟ حَاضِرًا ۗ وَلَا يَظْلِمُ رَبُّكَ أَحَدًا ﴿٤٩﴾

50. At (gunitain) nang Aming wikain sa mga anghel; "Magpatirapa kayo kay Adan." Kaya't sila ay nagpatirapa maliban kay Iblis (Satanas). Siya ay isa sa mga *Jinn*, siya ay sumuway sa Pag-uutos ng Kanyang Panginoon. Inyo bagang tatangkilikin siya (Iblis) at ang kanyang mga supling bilang mga tagapagtanggol at tagapagtangkilik kaysa sa Akin, samantalang sila ay mga kaaway sa inyo. Anong kasamaan ang kapalit sa *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian)?

وَإِذْ قُلْنَا لِلْمَلَٰٓئِكَةِ ٱسْجُدُوا۟ لِـَٔادَمَ فَسَجَدُوٓا۟ إِلَّآ إِبْلِيسَ ۖ كَانَ مِنَ ٱلْجِنِّ فَفَسَقَ عَنْ أَمْرِ رَبِّهِۦٓ ۗ أَفَتَتَّخِذُونَهُۥ وَذُرِّيَّتَهُۥٓ أَوْلِيَآءَ مِن دُونِى وَهُمْ لَكُمْ عَدُوٌۢ ۚ بِئْسَ لِلظَّٰلِمِينَ بَدَلًا ﴿٥٠﴾

51. Sila ay hindi Ko ginawa na maging saksi sa pagkakalikha ng mga kalangitan at kalupaan, gayundin sa pagkakalikha ng kanilang sarili; at hindi ko kinuha ang mga nagliligaw sa landas (yaong mga umaakay sa iba na mapaligaw na kasama ni Satanas) bilang Aking mga kawaksi.

۞ مَّآ أَشْهَدتُّهُمْ خَلْقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَلَا خَلْقَ أَنفُسِهِمْ ۖ وَمَا كُنتُ مُتَّخِذَ ٱلْمُضِلِّينَ عَضُدًا ﴿٥١﴾

52. At (alalahanin) ang Araw na Siya ay magpapahayag: "Tawagin ninyo ang mga iniaakibat ninyong katambal sa Akin na inyong inaakala." At sila ay magsisitawag sa kanila (mga diyus-diyosan), datapuwa't sila ay hindi sasagot sa kanila, at Kami ay maglalagay ng *Maubiqa* (isang sagka, o pagkagalit, o pagkawasak, o isang

وَيَوْمَ يَقُولُ نَادُوا۟ شُرَكَآءِىَ ٱلَّذِينَ زَعَمْتُمْ فَدَعَوْهُمْ فَلَمْ يَسْتَجِيبُوا۟ لَهُمْ وَجَعَلْنَا بَيْنَهُم مَّوْبِقًا ﴿٥٢﴾

Lambak ng Impiyerno) sa kanilang pagitan.

53. At ang *Mujrimun* (mga kriminal, mapagsamba sa diyus-diyosan, makasalanan) ay makatutunghay sa Apoy at kanilang ipinagpalagay na sila ay mahuhulog dito. At sila ay hindi makatatagpo ng paraan upang makatakas dito.

وَرَءَا ٱلْمُجْرِمُونَ ٱلنَّارَ فَظَنُّوٓا۟ أَنَّهُم مُّوَٰقِعُوهَا وَلَمْ يَجِدُوا۟ عَنْهَا مَصْرِفًا ﴿٥٣﴾

54. At katotohanang Kami ay nagtambad ng lahat ng uri ng halimbawa sa Qur'an para sa sangkatauhan. Datapuwa't ang tao ay lagi at higit na palaaway kaysa sa anumang (nilikha).

وَلَقَدْ صَرَّفْنَا فِى هَٰذَا ٱلْقُرْءَانِ لِلنَّاسِ مِن كُلِّ مَثَلٍ ۚ وَكَانَ ٱلْإِنسَٰنُ أَكْثَرَ شَىْءٍ جَدَلًا ﴿٥٤﴾

55. At walang anuman ang makahahadlang sa mga tao upang manampalataya, ngayong ang Patnubay (ang Qur'an) ay dumatal na sa kanila at sa paghingi ng Kapatawaran mula sa kanilang Panginoon, malibang ang mga nangyari ng panahong sinauna ay muling mangyari sa kanila (alalaong baga, ang kapinsalaan at pagkawasak na itinakda ni Allah), o ang Kaparusahan ay itambad sa kanila nang harapan?

وَمَا مَنَعَ ٱلنَّاسَ أَن يُؤْمِنُوٓا۟ إِذْ جَآءَهُمُ ٱلْهُدَىٰ وَيَسْتَغْفِرُوا۟ رَبَّهُمْ إِلَّآ أَن تَأْتِيَهُمْ سُنَّةُ ٱلْأَوَّلِينَ أَوْ يَأْتِيَهُمُ ٱلْعَذَابُ قُبُلًا ﴿٥٥﴾

56. At hindi Kami nagsugo ng mga Sugo maliban na sila ay tagapagbigay ng Masayang Balita at tagapagbabala. Datapuwa't sila na hindi sumasampalataya ay nakikipagtalo ng may kabulaanang pangangatwiran upang kanilang masalansang ang Katotohanan dito. At kanilang itinuturing ang Aking *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, tanda, aral) at ang bagay na sila ay binibigyang-babala (alalaong baga, ang Gantimpala o Kaparusahan sa Kabilang Buhay) bilang isang panunuya (pagsasaya lamang)!

وَمَا نُرْسِلُ ٱلْمُرْسَلِينَ إِلَّا مُبَشِّرِينَ وَمُنذِرِينَ ۚ وَيُجَٰدِلُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ بِٱلْبَٰطِلِ لِيُدْحِضُوا۟ بِهِ ٱلْحَقَّ ۖ وَٱتَّخَذُوٓا۟ ءَايَٰتِى وَمَآ أُنذِرُوا۟ هُزُوًا ﴿٥٦﴾

57. At sino pa kaya ang higit na nasa kamalian kaysa sa kanya na pinapaalalahanan ng *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda) ng kanyang Panginoon, at tumatalikod dito, at kanyang nakalimutan kung anong (mga gawa) ang inihantong ng kanyang mga kamay. Katotohanang Kami ay naglapat ng lambong sa kanilang puso, na sila ay hindi makakaunawa rito (sa Qur'an), at sa kanilang tainga, ng pagkabingi. At kung ikaw (O Muhammad) ay manawagan sa kanila sa patnubay,

وَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّن ذُكِّرَ بِـَٔايَٰتِ رَبِّهِۦ فَأَعْرَضَ عَنْهَا وَنَسِىَ مَا قَدَّمَتْ يَدَاهُ ۚ إِنَّا جَعَلْنَا عَلَىٰ قُلُوبِهِمْ أَكِنَّةً أَن يَفْقَهُوهُ وَفِىٓ ءَاذَانِهِمْ وَقْرًا ۖ وَإِن تَدْعُهُمْ إِلَى ٱلْهُدَىٰ فَلَن يَهْتَدُوٓا۟ إِذًا أَبَدًا ﴿٥٧﴾

magkagayunman, sila ay hindi mapapatnubayan.

وَرَبُّكَ ٱلْغَفُورُ ذُو ٱلرَّحْمَةِ ۖ لَوْ يُؤَاخِذُهُم بِمَا كَسَبُوا۟ لَعَجَّلَ لَهُمُ ٱلْعَذَابَ ۚ بَل لَّهُم مَّوْعِدٌ لَّن يَجِدُوا۟ مِن دُونِهِۦ مَوْئِلًا ﴿٥٨﴾

58. At ang iyong Panginoon ang Pinakamapagpatawad, ang Nag-aangkin ng Habag. Kung Siya ay magpaparusa sa kanila sa anuman na kanilang ginawa, kung gayon, katotohanang Kanyang mamadaliin ang kanilang kaparusahan. Datapuwa't mayroon silang natataningang panahon, na pagsapit nito, sila ay hindi makatatagpo (ng landas) upang makatakas.

وَتِلْكَ ٱلْقُرَىٰٓ أَهْلَكْنَٰهُمْ لَمَّا ظَلَمُوا۟ وَجَعَلْنَا لِمَهْلِكِهِم مَّوْعِدًا ﴿٥٩﴾

59. At ang mga bayang ito (ang pamayanan ni A'ad, Thamud), sila ay Aming winasak nang sila ay gumawa ng kamalian. At Kami ay nagtakda ng taning na panahon tungo sa kanilang pagkawasak.

وَإِذْ قَالَ مُوسَىٰ لِفَتَىٰهُ لَآ أَبْرَحُ حَتَّىٰٓ أَبْلُغَ مَجْمَعَ ٱلْبَحْرَيْنِ أَوْ أَمْضِىَ حُقُبًا ﴿٦٠﴾

60. At (gunitain) nang sabihin ni Moises sa kanyang katulong na lalaki: "Ako ay hindi susuko (sa paglalakbay) hanggang aking marating ang salikop ng dalawang dagat o (hanggang) gugulin ko ang maraming taon ng paglalakbay."

فَلَمَّا بَلَغَا مَجْمَعَ بَيْنِهِمَا نَسِيَا حُوتَهُمَا فَٱتَّخَذَ سَبِيلَهُۥ فِى ٱلْبَحْرِ سَرَبًا ﴿٦١﴾

61. Datapuwa't nang kanilang marating ang salikop ng dalawang Dagat, nalimutan nila ang kanilang isda, at ito ay nanalunton (ng kanyang daan) sa dagat na tila isang guwang (lagusan sa ilalim ng lupa).

فَلَمَّا جَاوَزَا قَالَ لِفَتَىٰهُ ءَاتِنَا غَدَآءَنَا لَقَدْ لَقِينَا مِن سَفَرِنَا هَٰذَا نَصَبًا ﴿٦٢﴾

62. Kaya't nang sila ay makaraan, na lampas (sa gayong takdang lugar), si Moises ay nagsabi sa kanyang katulong na lalaki: "Dalhin mo (rito) ang ating almusal; katotohanang tayo ay nagtamo ng malaking pagod dito sa ating paglalakbay."

قَالَ أَرَءَيْتَ إِذْ أَوَيْنَآ إِلَى ٱلصَّخْرَةِ فَإِنِّى نَسِيتُ ٱلْحُوتَ وَمَآ أَنسَىٰنِيهُ إِلَّا ٱلشَّيْطَٰنُ أَنْ أَذْكُرَهُۥ ۚ وَٱتَّخَذَ سَبِيلَهُۥ فِى ٱلْبَحْرِ عَجَبًا ﴿٦٣﴾

63. Siya (ang katulong na lalaki) ay nagsabi: "Hindi mo ba naala-ala nang tayo ay tumahan at magpahinga sa (isang) bato? Katotohanang aking nakalimutan ang isda, wala ng iba maliban kay Satanas ang (naging) dahilan upang malimutan ko ito. Ito ay tumahak sa dagat sa kamangha-manghang (paraan)!"

قَالَ ذَٰلِكَ مَا كُنَّا نَبْغِ ۚ فَٱرْتَدَّا عَلَىٰٓ ءَاثَارِهِمَا قَصَصًا ﴿٦٤﴾

64. Si Moises ay nagsabi: "Iyan ang ating hinahanap." Kaya't sila ay nagbalik at tinalunton nila ang bakas ng kanilang yapak.

فَوَجَدَا عَبْدًا مِّنْ عِبَادِنَآ ءَاتَيْنَٰهُ رَحْمَةً

65. At kanilang natagpuan ang isa sa Aming mga alipin (si Khidr, isang Propeta ni Allah),

مِّنْ عِندِنَا وَعَلَّمْنَٰهُ مِن لَّدُنَّا عِلْمًا ﴿٦٥﴾

na sa kanya ay ipinagkaloob Namin ang Habag mula sa Amin, at siya ang Aming tinuruan ng karunungan mula sa Amin.

قَالَ لَهُۥ مُوسَىٰ هَلْ أَتَّبِعُكَ عَلَىٰٓ أَن تُعَلِّمَنِ مِمَّا عُلِّمْتَ رُشْدًا ﴿٦٦﴾

66. Si Moises ay nangusap sa kanya (Khidr), "Maaari ba akong sumunod sa iyo upang ako ay maturuan mo sa gayong bagay ng Karunungan (Patnubay at Tamang Landas) na itinuro sa iyo (ni Allah)?"

قَالَ إِنَّكَ لَن تَسْتَطِيعَ مَعِىَ صَبْرًا ﴿٦٧﴾

67. Siya (Khidr) ay nagsabi: "Katotohanang ikaw ay hindi makapagpapasensiya sa akin!

وَكَيْفَ تَصْبِرُ عَلَىٰ مَا لَمْ تُحِطْ بِهِۦ خُبْرًا ﴿٦٨﴾

68. At paano ka (Moises) magkakaroon ng pagtitiyaga tungkol sa bagay na hindi mo nalalaman?"

قَالَ سَتَجِدُنِىٓ إِن شَآءَ ٱللَّهُ صَابِرًا وَلَآ أَعْصِى لَكَ أَمْرًا ﴿٦٩﴾

69. (Si Moises) ay nagsabi: "Iyong makikita ako, sa kapahintulutan ni Allah, na matiyaga, at ikaw ay hindi ko susuwayin (sa anumang) pag-uutos."

قَالَ فَإِنِ ٱتَّبَعْتَنِى فَلَا تَسْـَٔلْنِى عَن شَىْءٍ حَتَّىٰٓ أُحْدِثَ لَكَ مِنْهُ ذِكْرًا ﴿٧٠﴾

70. Siya (Khidr) ay nagsabi: "Kung gayon, kung ikaw ay susunod sa akin, huwag kang magtanong sa akin ng anuman hangga't hindi ako ang magsasabi sa iyo."

فَٱنطَلَقَا حَتَّىٰٓ إِذَا رَكِبَا فِى ٱلسَّفِينَةِ خَرَقَهَا ۖ قَالَ أَخَرَقْتَهَا لِتُغْرِقَ أَهْلَهَا لَقَدْ جِئْتَ شَيْـًٔا إِمْرًا ﴿٧١﴾

71. Kaya't sila ay kapwa nagpatuloy hanggang nang sila ay nasa loob na ng barko, kanyang (Khidr) binutasan ang barko. Si Moises ay nagsabi: "Binutasan mo ba ito upang malunod ang mga sakay nito?" Katotohanang ikaw ay gumawa ng isang masama (buktot, kalagim-lagim, buhong) na bagay."

قَالَ أَلَمْ أَقُلْ إِنَّكَ لَن تَسْتَطِيعَ مَعِىَ صَبْرًا ﴿٧٢﴾

72. Siya (Khidr) ay nagsabi: "Hindi baga sinabi ko na sa iyo na ikaw ay hindi makatatagal na pagpasensiyahan ako?"

قَالَ لَا تُؤَاخِذْنِى بِمَا نَسِيتُ وَلَا تُرْهِقْنِى مِنْ أَمْرِى عُسْرًا ﴿٧٣﴾

73. (Si Moises) ay nagsabi: "Ako ay huwag mong sisihin sa bagay na aking nakalimutan at huwag kang maging mahigpit sa akin dahil sa aking ikinikilos (sa iyo)."

فَٱنطَلَقَا حَتَّىٰٓ إِذَا لَقِيَا غُلَٰمًا فَقَتَلَهُۥ قَالَ أَقَتَلْتَ نَفْسًا زَكِيَّةًۢ بِغَيْرِ نَفْسٍ لَّقَدْ جِئْتَ شَيْـًٔا نُّكْرًا ﴿٧٤﴾

74. At sila ay kapwa nagpatuloy hanggang sa kanilang makatagpo ang isang batang lalaki, kanyang (Khidr) pinatay siya. Si Moises ay nangusap: "Iyong pinatay ang isang walang kasalanang tao, (hindi ba't) wala naman siyang pinatay? Katotohanang ikaw ay gumawa ng isang bagay na kabuktutan (ipinagbabawal, masama, kakila-kilabot na bagay)!"

۞ قَالَ أَلَمْ أَقُل لَّكَ إِنَّكَ لَن تَسْتَطِيعَ مَعِيَ صَبْرًا ﴿٧٥﴾

75. (Si Khidr) ay nagsabi: "Hindi baga sinabi ko na sa iyo na ikaw ay hindi makatatagal na pagpasensiyahan ako?"

قَالَ إِن سَأَلْتُكَ عَن شَيْءٍ بَعْدَهَا فَلَا تُصَاحِبْنِي قَدْ بَلَغْتَ مِن لَّدُنِّي عُذْرًا ﴿٧٦﴾

76. (Si Moises) ay nagsabi: "Kung ako ay magtanong pa sa iyo ng anuman pagkatapos nito, kung gayon, ako ay huwag mo nang gawin na iyong kasama, ikaw ay binigyan ko mula sa akin ng (mabuting) dahilan."

فَانطَلَقَا حَتَّىٰ إِذَا أَتَيَا أَهْلَ قَرْيَةٍ اسْتَطْعَمَا أَهْلَهَا فَأَبَوْا أَن يُضَيِّفُوهُمَا فَوَجَدَا فِيهَا جِدَارًا يُرِيدُ أَن يَنقَضَّ فَأَقَامَهُ ۖ قَالَ لَوْ شِئْتَ لَتَّخَذْتَ عَلَيْهِ أَجْرًا ﴿٧٧﴾

77. At sila ay kapwa nagpatuloy hanggang nang sila ay dumating sa pamayanan ng isang bayan, sila (Khidr at Moises) ay nanghingi ng pagkain sa kanila, datapuwa't sila ay tumanggi na gawaran sila ng mabuting pagtanggap. At kanilang natagpuan dito ang isang dingding (o bakod) na halos guguho na kaya't kanyang (Khidr) inayos ito (itinindig at itinuwid). (Si Moises) ay nangusap: "Kung iyong ninais, katiyakang maaari kang humingi ng kabayaran para rito!"

قَالَ هَٰذَا فِرَاقُ بَيْنِي وَبَيْنِكَ ۚ سَأُنَبِّئُكَ بِتَأْوِيلِ مَا لَمْ تَسْتَطِع عَّلَيْهِ صَبْرًا ﴿٧٨﴾

78. (Si Khidr) ay nagsabi: "Ito na (ang sandali) ng ating paghihiwalay, aking sasabihin sa iyo ang kahulugan ng mga gayong (pangyayari) na hindi ka makapagpasensiya (na huwag mag-usisa).

أَمَّا السَّفِينَةُ فَكَانَتْ لِمَسَاكِينَ يَعْمَلُونَ فِي الْبَحْرِ فَأَرَدتُّ أَنْ أَعِيبَهَا وَكَانَ وَرَاءَهُم مَّلِكٌ يَأْخُذُ كُلَّ سَفِينَةٍ غَصْبًا ﴿٧٩﴾

79. Tungkol sa barko, ito ay pag-aari ng mga mahihirap na tao na nagtatrabaho sa dagat, kaya't aking ninais na magkaroon ng kasiraan dito (barko) sapagkat may isang hari na nagtatangka sa kanila na kunin ang lahat ng barko nang puwersahan (sapilitan).

وَأَمَّا الْغُلَامُ فَكَانَ أَبَوَاهُ مُؤْمِنَيْنِ فَخَشِينَا أَن يُرْهِقَهُمَا طُغْيَانًا وَكُفْرًا ﴿٨٠﴾

80. At tungkol sa batang lalaki, ang kanyang mga magulang ay nananampalataya, at kami ay nangangamba na kanyang apihin sila sa pamamagitan ng kanyang kalapastanganan at kawalan ng pananalig.

فَأَرَدْنَا أَن يُبْدِلَهُمَا رَبُّهُمَا خَيْرًا مِّنْهُ زَكَاةً وَأَقْرَبَ رُحْمًا ﴿٨١﴾

81. Kaya't aming ninais na ang kanilang Panginoon ay palitan siya (batang lalaki) para sa kanila ng isang higit na mainam (na anak) sa kabutihan at katuwiran at malapit sa Habag.

وَأَمَّا الْجِدَارُ فَكَانَ لِغُلَامَيْنِ يَتِيمَيْنِ فِي الْمَدِينَةِ وَكَانَ تَحْتَهُ كَنزٌ لَّهُمَا وَكَانَ

82. At tungkol sa dingding (o bakod), ito ay pag-aari ng dalawang batang lalaki na naulila sa kanilang bayan; at mayroon sa ilalim nito na

أَبُوهُمَا صَٰلِحًا فَأَرَادَ رَبُّكَ أَن يَبْلُغَآ
أَشُدَّهُمَا وَيَسْتَخْرِجَا كَنزَهُمَا رَحْمَةً مِّن
رَّبِّكَ ۚ وَمَا فَعَلْتُهُۥ عَنْ أَمْرِى ۚ ذَٰلِكَ تَأْوِيلُ مَا لَمْ
تَسْطِع عَّلَيْهِ صَبْرًا ﴿٨٢﴾

isang kayamanan na nararapat sa kanila; at ang kanilang ama ay isang matuwid na tao, at ang iyong Panginoon ay nagnais na kanilang sapitin ang wastong gulang at lakas upang kanilang makuha ang kayamanan bilang isang biyaya mula sa iyong Panginoon. At ito ay hindi ko ginawa sa aking sariling kagustuhan. Ito ang pagpapaliwanag sa gayong (mga pangyayari) na hindi ka nakatiis (na huwag mag-usisa)."

وَيَسْـَٔلُونَكَ عَن ذِى ٱلْقَرْنَيْنِ ۖ قُلْ سَأَتْلُوا۟
عَلَيْكُم مِّنْهُ ذِكْرًا ﴿٨٣﴾

83. At sila ay nagtatanong sa iyo (O Muhammad) tungkol kay Dhul-Qarnain. Ipagbadya: "Aking isasalaysay sa inyo ang ilang bahagi ng kanyang kasaysayan."

إِنَّا مَكَّنَّا لَهُۥ فِى ٱلْأَرْضِ وَءَاتَيْنَٰهُ مِن كُلِّ شَىْءٍ سَبَبًا
﴿٨٤﴾

84. Katotohanang Aming pinalakas siya sa kalupaan, at Aming ginawaran siya ng kagalingan sa lahat ng bagay (alalaong baga, Aming ginawa ang lahat ng bagay sa kanyang kapakinabangan).

فَأَتْبَعَ سَبَبًا ﴿٨٥﴾

85. Kaya't siya ay tumahak tungo sa kanyang layunin,

حَتَّىٰٓ إِذَا بَلَغَ مَغْرِبَ ٱلشَّمْسِ وَجَدَهَا تَغْرُبُ فِى
عَيْنٍ حَمِئَةٍ وَوَجَدَ عِندَهَا قَوْمًا ۗ قُلْنَا يَٰذَا
ٱلْقَرْنَيْنِ إِمَّآ أَن تُعَذِّبَ وَإِمَّآ أَن تَتَّخِذَ فِيهِمْ حُسْنًا
﴿٨٦﴾

86. Hanggang nang kanyang sapitin ang lugar ng paglubog ng araw ay kanyang natagpuan ito na lumulubog sa guhit-tagpuan, at para sa kanya ito ay lumulubog patungo sa isang maputik na pampang ng ilog. At siya ay nakatagpo sa malapit dito ng isang pamayanan. Kami (Allah) ay nagsabi (sa kanya) sa pamamagitan ng inspirasyon: "O Dhul-Qarnain! Sila ay maaari mong parusahan, o pakitunguhan sila ng kabaitan."

قَالَ أَمَّا مَن ظَلَمَ فَسَوْفَ نُعَذِّبُهُۥ ثُمَّ يُرَدُّ إِلَىٰ رَبِّهِۦ
فَيُعَذِّبُهُۥ عَذَابًا نُّكْرًا ﴿٨٧﴾

87. Siya (Dhul-Qarnain) ay nagsabi: "At sa kanya (isang hindi nananalig sa Kaisahan ni Allah) na gumagawa ng kamalian, siya ay aming parurusahan; at pagkaraan, siya ay ibabalik sa kanyang Panginoon na Siyang magpaparusa sa kanya ng isang kakila-kilabot na kaparusahan (Impiyerno).

وَأَمَّا مَنْ ءَامَنَ وَعَمِلَ صَٰلِحًا فَلَهُۥ جَزَآءَ ٱلْحُسْنَىٰ ۖ
وَسَنَقُولُ لَهُۥ مِنْ أَمْرِنَا يُسْرًا ﴿٨٨﴾

88. Datapuwa't siya na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at gumagawa ng kabutihan, sasakanya ang pinakamainam na gantimpala (Paraiso), at kami (Dhul-Qarnain) ay mangungusap sa kanya nang mabanayad na

mga salita (bilang mga pag-uutos)."

89. Di naglaon, siya ay tumahak tungo sa kanyang layunin,

ثُمَّ أَتۡبَعَ سَبَبًا ﴿٨٩﴾

90. Hanggang nang siya ay sumapit sa sinisikatan ng araw ay kanyang natagpuan ito na sumisikat sa mga tao na hindi Namin (Allah) pinagkalooban ng masisilungan laban sa (sikat) ng araw.

حَتَّىٰٓ إِذَا بَلَغَ مَطۡلِعَ ٱلشَّمۡسِ وَجَدَهَا تَطۡلُعُ عَلَىٰ قَوۡمٖ لَّمۡ نَجۡعَل لَّهُم مِّن دُونِهَا سِتۡرٗا ﴿٩٠﴾

91. Kaya't (gayon nga)! At batid Namin ang lahat-lahat sa kanya (Dhul-Qarnain).

كَذَٰلِكَ وَقَدۡ أَحَطۡنَا بِمَا لَدَيۡهِ خُبۡرٗا ﴿٩١﴾

92. Di naglaon, siya ay tumahak tungo sa kanyang layunin,

ثُمَّ أَتۡبَعَ سَبَبًا ﴿٩٢﴾

93. Hanggang nang kanyang marating ang pagitan ng dalawang bundok, kanyang natagpuan na malapit sa mga ito (dalawang bundok) ang mga tao na halos ay walang nauunawaang salita.

حَتَّىٰٓ إِذَا بَلَغَ بَيۡنَ ٱلسَّدَّيۡنِ وَجَدَ مِن دُونِهِمَا قَوۡمٗا لَّا يَكَادُونَ يَفۡقَهُونَ قَوۡلٗا ﴿٩٣﴾

94. Sila ay nagsabi: "O Dhul-Qarnain! Katotohanang si Ya'juj at Ma'juj (Gog at Magog) ay gumagawa ng malaking kabuktutan sa kalupaan. Kami baga ay magbabayad sa iyo ng buwis (o pagkilala) upang ikaw ay magtayo ng isang sagka sa pagitan namin at nila?"

قَالُواْ يَٰذَا ٱلۡقَرۡنَيۡنِ إِنَّ يَأۡجُوجَ وَمَأۡجُوجَ مُفۡسِدُونَ فِي ٱلۡأَرۡضِ فَهَلۡ نَجۡعَلُ لَكَ خَرۡجًا عَلَىٰٓ أَن تَجۡعَلَ بَيۡنَنَا وَبَيۡنَهُمۡ سَدّٗا ﴿٩٤﴾

95. Siya ay nagsabi: "Yaong (kayamanan, kapamahalaan at kapangyarihan) na itinatag sa akin ng aking Panginoon ay higit na mainam (sa inyong buwis o pagkilala). Kaya't inyong tulungan ako ng lakas (ng mga tao), ako ay magtatayo ng sagka sa pagitan ninyo at nila.

قَالَ مَا مَكَّنِّي فِيهِ رَبِّي خَيۡرٞ فَأَعِينُونِي بِقُوَّةٍ أَجۡعَلۡ بَيۡنَكُمۡ وَبَيۡنَهُمۡ رَدۡمًا ﴿٩٥﴾

96. Ako'y bigyan ninyo ng mga piraso ng bakal; at nang mapuno na niya ang puwang sa pagitan ng dalawang bangin ng bundok, siya ay nagsabi: "(Inyong) hipan". Hanggang nang magawa niya ito (na kasimpula ng) apoy, siya ay nagsabi: "Inyong bigyan ako ng lusaw na tanso upang ibuhos sa ibabaw nito."

ءَاتُونِي زُبَرَ ٱلۡحَدِيدِۖ حَتَّىٰٓ إِذَا سَاوَىٰ بَيۡنَ ٱلصَّدَفَيۡنِ قَالَ ٱنفُخُواْۖ حَتَّىٰٓ إِذَا جَعَلَهُۥ نَارٗا قَالَ ءَاتُونِيٓ أُفۡرِغۡ عَلَيۡهِ قِطۡرٗا ﴿٩٦﴾

97. Kaya't sila (Gog at Magog) ay nawalan ng lakas na akyatin ito o humukay sa kapal nito.

فَمَا ٱسۡطَٰعُواْ أَن يَظۡهَرُوهُ وَمَا ٱسۡتَطَٰعُواْ لَهُۥ نَقۡبٗا ﴿٩٧﴾

98. Siya (Dhul-Qarnain) ay nagsabi: "Ito ay isang habag mula sa aking Panginoon, kaya't kung ang pangako ng aking Panginoon ay

قَالَ هَٰذَا رَحۡمَةٞ مِّن رَّبِّيۖ فَإِذَا جَآءَ وَعۡدُ رَبِّي جَعَلَهُۥ دَكَّآءَۖ وَكَانَ وَعۡدُ رَبِّي حَقّٗا ﴿٩٨﴾

dumatal, ito ay Kanyang papatagin na kapantay ng lupa. At ang pangako ng aking Panginoon ay mananatiling tunay."

99. At sa Araw na yaon (alalaong baga, ang Araw na si Gog at Magog ay hahantad), sila ay Aming hahayaan na rumagasa sa isa't isa na tulad ng mga alon, at ang Tambuli ay hihipan, at sila ay Aming titipunin nang sama-sama.

وَتَرَكْنَا بَعْضَهُمْ يَوْمَئِذٍ يَمُوجُ فِي بَعْضٍ وَنُفِخَ فِي الصُّورِ فَجَمَعْنَاهُمْ جَمْعًا ﴿٩٩﴾

100. At sa Araw na yaon ay Aming itatambad nang lantad ang Impiyerno sa mga hindi sumasampalataya.

وَعَرَضْنَا جَهَنَّمَ يَوْمَئِذٍ لِّلْكَافِرِينَ عَرْضًا ﴿١٠٠﴾

101. Sila yaong ang mga mata ay nilambungan (piniringan) upang hindi nila makita ang Aking Paala-ala (ang mga Tanda o ang Qur'an) at upang hindi nila marinig (alalaong baga, dahilan sa sila ay umaayaw na makinig sa Qur'an o unawain ito).

الَّذِينَ كَانَتْ أَعْيُنُهُمْ فِي غِطَاءٍ عَن ذِكْرِي وَكَانُوا لَا يَسْتَطِيعُونَ سَمْعًا ﴿١٠١﴾

102. Sila ba na hindi sumasampalataya ay nag-aakala na (mangyayari) na kanilang kunin ang Aking mga alipin (alalaong baga, ang mga anghel, ang mga Sugo ni Allah, si Hesus na anak ni Maria) sa halip na Ako bilang *Auliya* (mga panginoon, diyos, tagapagtanggol)? Katotohanang Aming inihanda ang Impiyerno para sa mga hindi sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) bilang isang pananahanan.

أَفَحَسِبَ الَّذِينَ كَفَرُوا أَن يَتَّخِذُوا عِبَادِي مِن دُونِي أَوْلِيَاءَ ۚ إِنَّا أَعْتَدْنَا جَهَنَّمَ لِلْكَافِرِينَ نُزُلًا ﴿١٠٢﴾

103. Ipagbadya (O Muhammad): "Amin bagang babanggitin sa iyo kung sino ang pinakatalunan kung (ito ay) tungkol sa (kanilang) mga gawa?"

قُلْ هَلْ نُنَبِّئُكُمْ بِالْأَخْسَرِينَ أَعْمَالًا ﴿١٠٣﴾

104. Sila nga, na ang kanilang pagsisikhay ay nasayang lamang sa buhay sa mundong ito, habang sila ay nag-aakala na sila ay gumagawa ng mabuti sa kanilang mga gawa?

الَّذِينَ ضَلَّ سَعْيُهُمْ فِي الْحَيَاةِ الدُّنْيَا وَهُمْ يَحْسَبُونَ أَنَّهُمْ يُحْسِنُونَ صُنْعًا ﴿١٠٤﴾

105. Sila nga ang hindi naniniwala sa *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda) ng kanilang Panginoon at sa pakikipagtipan sa Kanya (sa Kabilang Buhay), kaya't ang kanilang mga gawa ay nawalan ng katuturan at sa Araw ng Muling Pagkabuhay, Kami ay hindi magbibigay sa kanila ng anumang pagpapahalaga.

أُولَٰئِكَ الَّذِينَ كَفَرُوا بِآيَاتِ رَبِّهِمْ وَلِقَائِهِ فَحَبِطَتْ أَعْمَالُهُمْ فَلَا نُقِيمُ لَهُمْ يَوْمَ الْقِيَامَةِ وَزْنًا ﴿١٠٥﴾

ذَٰلِكَ جَزَآؤُهُمْ جَهَنَّمُ بِمَا كَفَرُوا۟ وَٱتَّخَذُوٓا۟ ءَايَٰتِى وَرُسُلِى هُزُوًا ﴿١٠٦﴾

106. (Ito nga) ang kanilang kabayaran, ang Impiyerno; sapagkat sila ay hindi nagsipaniwala, at nagturing sa Aking *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda) at sa Aking mga Sugo bilang (paraan lamang) ng panunuya.

إِنَّ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ كَانَتْ لَهُمْ جَنَّٰتُ ٱلْفِرْدَوْسِ نُزُلًا ﴿١٠٧﴾

107. Katotohanan, sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at nagsisigawa ng kabutihan ay magkakaroon ng Halamanan ng *Al-Firdaus* (Paraiso) bilang isang pananahanan.

خَٰلِدِينَ فِيهَا لَا يَبْغُونَ عَنْهَا حِوَلًا ﴿١٠٨﴾

108. Na rito, sila ay magsisipanahan (magpakailanman). Sila ay hindi magnanais mula rito na mapalipat (pa sa iba).

قُل لَّوْ كَانَ ٱلْبَحْرُ مِدَادًا لِّكَلِمَٰتِ رَبِّى لَنَفِدَ ٱلْبَحْرُ قَبْلَ أَن تَنفَدَ كَلِمَٰتُ رَبِّى وَلَوْ جِئْنَا بِمِثْلِهِۦ مَدَدًا ﴿١٠٩﴾

109. Ipagbadya (O Muhammad sa sangkatauhan): "Kung ang karagatan ay mga tinta (na ipangsusulat) sa mga Salita ng aking Panginoon, katotohanan, ang karagatan ay masasaid bago ang mga Salita ng aking Panginoon ay masaid, kahit na nga Kami ay muli pang gumawa (ng isa pang dagat) na katulad nito bilang pandagdag."

قُلْ إِنَّمَآ أَنَا۠ بَشَرٌ مِّثْلُكُمْ يُوحَىٰٓ إِلَىَّ أَنَّمَآ إِلَٰهُكُمْ إِلَٰهٌ وَٰحِدٌ ۖ فَمَن كَانَ يَرْجُوا۟ لِقَآءَ رَبِّهِۦ فَلْيَعْمَلْ عَمَلًا صَٰلِحًا وَلَا يُشْرِكْ بِعِبَادَةِ رَبِّهِۦٓ أَحَدًۢا ﴿١١٠﴾

110. Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay isa lamang tao na katulad ninyo; sa akin ay ipinahayag na ang inyong Diyos ay isang Diyos (alalaong baga, si Allah). Kaya't sinuman ang umaasam sa pakikipagtipan sa kanyang Panginoon, hayaan siyang gumawa ng katuwiran at kabutihan at huwag siyang mag-akibat ng anumang katambal sa pagsamba sa kanyang Panginoon."

سُورَةُ مَرْيَمَ

Surah 19

Surat Mariam (Maria)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

كٓهيعٓصٓ ﴿١﴾

1. Kaf, Ha, Ya, Ain, Sad. (Ka, Ha, Ya, A, Sa. Ito ay mga titik sa wikang Arabik na tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

ذِكْرُ رَحْمَتِ رَبِّكَ عَبْدَهُۥ زَكَرِيَّآ ﴿٢﴾

2. (Ito ay) isang pag-ala-ala tungkol sa habag ng

iyong Panginoon sa Kanyang aliping si Zakarias,

إِذْ نَادَىٰ رَبَّهُۥ نِدَآءً خَفِيًّا ﴿٣﴾

3. Nang siya ay manikluhod sa kanyang Panginoon (Allah) ng isang panawagan na lihim,

قَالَ رَبِّ إِنِّى وَهَنَ ٱلْعَظْمُ مِنِّى وَٱشْتَعَلَ ٱلرَّأْسُ شَيْبًا وَلَمْ أَكُنۢ بِدُعَآئِكَ رَبِّ شَقِيًّا ﴿٤﴾

4. Siya ay nagsabi: "O Aking Panginoon! Katotohanan, ang aking mga buto ay mahina (umurong) na, at ang puting buhok ay nakakalat na sa aking ulo, at ako kailanman ay hindi nawalan ng tugon (o nabigo) sa aking panambitan sa Inyo, O aking Panginoon!

وَإِنِّى خِفْتُ ٱلْمَوَٰلِىَ مِن وَرَآءِى وَكَانَتِ ٱمْرَأَتِى عَاقِرًا فَهَبْ لِى مِن لَّدُنكَ وَلِيًّا ﴿٥﴾

5. At katotohanan, pinangangambahan ko ang aking mga kamag-anak na susunod sa akin sapagkat ang aking asawa ay baog. Kaya't ako ay pagkalooban Ninyo mula sa Inyong Sarili ng isang tagapagmana, -

يَرِثُنِى وَيَرِثُ مِنْ ءَالِ يَعْقُوبَ ۖ وَٱجْعَلْهُ رَبِّ رَضِيًّا ﴿٦﴾

6. Na susunod sa aking yapak at magmamana rin sa lahi ni Hakob (ang pagmamana ng karunungang pangrelihiyon at Pagka-propeta, at hindi sa kayamanan). At (Inyong) gawin siya, aking Panginoon, bilang isa na Inyong tunay na kalulugdan!"

يَٰزَكَرِيَّآ إِنَّا نُبَشِّرُكَ بِغُلَٰمٍ ٱسْمُهُۥ يَحْيَىٰ لَمْ نَجْعَل لَّهُۥ مِن قَبْلُ سَمِيًّا ﴿٧﴾

7. (Si Allah ay nagwika): "O Zakarias! Katotohanang Kami ay nagbibigay sa iyo ng isang masayang balita ng isang anak na lalaki, ang kanyang pangalan ay tatawaging Yahya (Juan). Hindi Kami nagbigay kaninuman ng gayong pangalan."

قَالَ رَبِّ أَنَّىٰ يَكُونُ لِى غُلَٰمٌ وَكَانَتِ ٱمْرَأَتِى عَاقِرًا وَقَدْ بَلَغْتُ مِنَ ٱلْكِبَرِ عِتِيًّا ﴿٨﴾

8. Siya ay nagsabi: "Aking Panginoon! Paano ako magkakaroon ng isang anak na lalaki kung ang aking asawa ay baog, at ako ay sumapit na sa lubhang matandang gulang."

قَالَ كَذَٰلِكَ قَالَ رَبُّكَ هُوَ عَلَىَّ هَيِّنٌ وَقَدْ خَلَقْتُكَ مِن قَبْلُ وَلَمْ تَكُ شَيْـًٔا ﴿٩﴾

9. Siya (ang Anghel) ay nangusap: "Kaya't (mangyari ito); ang iyong Panginoon ay nagwika: Ito ay magaan sa Akin. Katiyakang ikaw ay Aking nilikha nang ikaw ay mula pa sa wala!"

قَالَ رَبِّ ٱجْعَل لِّىٓ ءَايَةً ۚ قَالَ ءَايَتُكَ أَلَّا تُكَلِّمَ ٱلنَّاسَ ثَلَٰثَ لَيَالٍ سَوِيًّا ﴿١٠﴾

10. (Si Zakarias) ay nagsabi: "Aking Panginoon. Magtakda Kayo sa akin ng isang Tanda." Siya (Allah) ay nagwika: "Ang iyong tanda ay mangyayari na ikaw ay hindi

makapangungusap sa sangkatauhan sa loob ng tatlong gabi, kahima't ikaw ay walang anumang kapansanan sa iyong katawan."

فَخَرَجَ عَلَىٰ قَوْمِهِۦ مِنَ ٱلْمِحْرَابِ فَأَوْحَىٰٓ إِلَيْهِمْ أَن سَبِّحُوا۟ بُكْرَةً وَعَشِيًّا ﴿١١﴾

11. At siya ay lumantad sa kanyang mga tao mula sa *Al-Mihrab* (isang lugar ng pagdarasal o pribadong silid), siya ay nagsabi sa kanila sa pamamagitan ng senyas na ipagbunyi ang pagpaparangal kay Allah ng mga papuri sa umaga at sa hapon.

يَٰيَحْيَىٰ خُذِ ٱلْكِتَٰبَ بِقُوَّةٍ ۖ وَءَاتَيْنَٰهُ ٱلْحُكْمَ صَبِيًّا ﴿١٢﴾

12. (Si Zakarias ay nagtagubilin sa kanyang anak na lalaki): "O Juan! Manangan kang maigi sa Kasulatan (*Torah*, ang mga Batas)." At Aming pinagkalooban siya ng karunungan habang siya ay bata pa.

وَحَنَانًا مِّن لَّدُنَّا وَزَكَوٰةً ۖ وَكَانَ تَقِيًّا ﴿١٣﴾

13. At (pinapangyari Namin, na siya) ay maging may pagmamalasakit sa mga tao bilang isang habag (o paglingap) mula sa Amin, at dalisay sa mga kasalanan (alalaong baga, si Juan), at siya ay isang matuwid,

وَبَرًّۢا بِوَٰلِدَيْهِ وَلَمْ يَكُن جَبَّارًا عَصِيًّا ﴿١٤﴾

14. At masunurin sa kanyang magulang, at siya ay hindi palalo o palasuway (kay Allah o sa kanyang magulang).

وَسَلَٰمٌ عَلَيْهِ يَوْمَ وُلِدَ وَيَوْمَ يَمُوتُ وَيَوْمَ يُبْعَثُ حَيًّا ﴿١٥﴾

15. At *Salam* (Kapayapaan) sa kanya sa araw na siya ay ipinanganak, sa araw na siya ay mamamatay, at sa araw na siya ay muling ibabangon sa pagkabuhay!

وَٱذْكُرْ فِى ٱلْكِتَٰبِ مَرْيَمَ إِذِ ٱنتَبَذَتْ مِنْ أَهْلِهَا مَكَانًا شَرْقِيًّا ﴿١٦﴾

16. At alalahanin mo (O Muhammad) ang nasa Aklat (ang Qur'an) tungkol kay Maria, nang siya ay humiwalay (muna) at mapag-isa (na malayo) sa kanyang pamilya sa isang lugar sa gawing silangan.

فَٱتَّخَذَتْ مِن دُونِهِمْ حِجَابًا فَأَرْسَلْنَآ إِلَيْهَا رُوحَنَا فَتَمَثَّلَ لَهَا بَشَرًا سَوِيًّا ﴿١٧﴾

17. Siya ay naglagay ng lambong (upang pangalagaan ang kanyang sarili) sa kanila; at Aming isinugo sa kanya ang Aming *Ruh* (ang Anghel na si Gabriel), at siya ay tumambad sa harap niya sa anyo ng isang ganap na tao.

قَالَتْ إِنِّىٓ أَعُوذُ بِٱلرَّحْمَٰنِ مِنكَ إِن كُنتَ تَقِيًّا ﴿١٨﴾

18. Siya (Maria) ay nagsabi: "Katotohanang ako ay humihingi ng kaligtasan mula sa Pinakamahabagin (Allah) [laban] sa iyo, kung ikaw ay may pangangamba kay Allah."

قَالَ إِنَّمَآ أَنَا۠ رَسُولُ رَبِّكِ لِأَهَبَ لَكِ غُلَٰمًا

19. (Ang Anghel) ay nagpahayag: "Ako ay isa lamang Sugo mula sa iyong Panginoon, (upang

ibalita) sa iyo ang (tungkol sa) handog na isang matuwid na anak na lalaki."

زَكِيًّا ﴿١٩﴾

20. Siya (Maria) ay nagsabi: "Paano ako magkakaroon ng anak na lalaki gayong wala pang lalaki ang nakasaling sa akin, gayundin, ako ay isang malinis (na babae)?"

قَالَتْ أَنَّىٰ يَكُونُ لِي غُلَٰمٌ وَلَمْ يَمْسَسْنِي بَشَرٌ وَلَمْ أَكُ بَغِيًّا ﴿٢٠﴾

21. Siya (Gabriel) ay nagpahayag: "Kaya't (ito ay mangyari); ang iyong Panginoon ay nagwika: Ito ay magaan sa Akin. At (nais Namin) na italaga siya bilang isang Tanda sa sangkatauhan at isang Habag mula sa Amin (Allah), at ito ay isang bagay (na napagpasyahan na) sa pag-uutos (ni Allah)."

قَالَ كَذَٰلِكِ قَالَ رَبُّكِ هُوَ عَلَيَّ هَيِّنٌ وَلِنَجْعَلَهُۥٓ ءَايَةً لِّلنَّاسِ وَرَحْمَةً مِّنَّا وَكَانَ أَمْرًا مَّقْضِيًّا ﴿٢١﴾

22. At siya ay nagdalangtao sa kanya, at siya ay pumaroon na kasama niya (ang kanyang dinadala sa kanyang sinapupunan) sa isang malayong lugar (alalaong baga, sa Bethlehem, na mga apat hanggang anim na milya mula sa Herusalem).

۞ فَحَمَلَتْهُ فَٱنتَبَذَتْ بِهِۦ مَكَانًا قَصِيًّا ﴿٢٢﴾

23. At ang sakit ng panganganak ay nagsadlak sa kanya sa tabi ng puno ng palmera (datiles). Siya ay nangusap: "Sana'y namatay na lamang ako bago ito nangyari sa akin, at ako ay nakalimutan at naglaho sa (kaninumang) paningin!"

فَأَجَآءَهَا ٱلْمَخَاضُ إِلَىٰ جِذْعِ ٱلنَّخْلَةِ قَالَتْ يَٰلَيْتَنِي مِتُّ قَبْلَ هَٰذَا وَكُنتُ نَسْيًا مَّنسِيًا ﴿٢٣﴾

24. At (ang sanggol na si Hesus, o si Gabriel) ay nangusap sa kanyang paanan na nagsasabi: "Huwag kang manimdim! Ang iyong Panginoon ay nagkaloob ng isang dalisdis ng tubig sa iyong paanan;

فَنَادَىٰهَا مِن تَحْتِهَآ أَلَّا تَحْزَنِى قَدْ جَعَلَ رَبُّكِ تَحْتَكِ سَرِيًّا ﴿٢٤﴾

25. At iyong ugain ang puno ng palmera (datiles) sa iyong harapan, at dito ay malalaglag ang mga sariwa at hinog na bunga para sa iyo.

وَهُزِّىٓ إِلَيْكِ بِجِذْعِ ٱلنَّخْلَةِ تُسَٰقِطْ عَلَيْكِ رُطَبًا جَنِيًّا ﴿٢٥﴾

26. Kaya't kumain ka at uminom at maging masaya, at kung ikaw ay makakakita ng sinumang tao, iyong sabihin: "Katotohanang ako ay nagtalaga ng pag-aayuno sa Pinakamahabagin (Allah), kaya't ako ay hindi makikipag-usap sa sinumang tao sa araw na ito."

فَكُلِى وَٱشْرَبِى وَقَرِّى عَيْنًا ۖ فَإِمَّا تَرَيِٰنَّ مِنَ ٱلْبَشَرِ أَحَدًا فَقُولِىٓ إِنِّى نَذَرْتُ لِلرَّحْمَٰنِ صَوْمًا فَلَنْ أُكَلِّمَ ٱلْيَوْمَ إِنسِيًّا ﴿٢٦﴾

27. At kanyang dinala siya (ang sanggol) sa kanyang pamayanan na kanyang kilik. Sila ay nagsabi: "O Maria! Katotohanang ikaw ay

فَأَتَتْ بِهِۦ قَوْمَهَا تَحْمِلُهُۥ ۖ قَالُوا۟ يَٰمَرْيَمُ لَقَدْ جِئْتِ شَيْـًٔا فَرِيًّا ﴿٢٧﴾

nagdala ng isang bagay na hindi pa nangyari noong una (alalaong baga, isang pangyayari na mahirap paniwalaan).

يَٰٓأُخْتَ هَٰرُونَ مَا كَانَ أَبُوكِ ٱمْرَأَ سَوْءٍ وَمَا كَانَتْ أُمُّكِ بَغِيًّا ﴿٢٨﴾

28. O kapatid na babae ni Aaron (hindi si Aaron na kapatid ni Moises, datapuwa't isa ring butihing lalaki sa panahon ni Maria)! Ang iyong ama ay isang tao na hindi gumagawa ng pangangalunya, gayundin ang iyong ina ay hindi isang maruming babae."

فَأَشَارَتْ إِلَيْهِ ۖ قَالُوا۟ كَيْفَ نُكَلِّمُ مَن كَانَ فِى ٱلْمَهْدِ صَبِيًّا ﴿٢٩﴾

29. At siya (Maria) ay tumuro sa kanya. Sila ay nagsabi: "Paano kami makikipag-usap sa kanya na isang sanggol pa sa kanyang duyan?"

قَالَ إِنِّى عَبْدُ ٱللَّهِ ءَاتَىٰنِىَ ٱلْكِتَٰبَ وَجَعَلَنِى نَبِيًّا ﴿٣٠﴾

30. Siya (Hesus) ay nagpahayag: "Katotohanang ako ay isang alipin ni Allah, ako ay Kanyang binigyan ng Kasulatan at ako ay hinirang Niya na isang propeta;

وَجَعَلَنِى مُبَارَكًا أَيْنَ مَا كُنتُ وَأَوْصَىٰنِى بِٱلصَّلَوٰةِ وَٱلزَّكَوٰةِ مَا دُمْتُ حَيًّا ﴿٣١﴾

31. At ginawa Niya na nabibiyayaan ako saan man ako naroroon, at nagtagubilin sa akin sa pag-aalay ng *Salah* (takdang pagdarasal), at (pagbibigay ng) *Zakah* (katungkulang kawanggawa) habang ako ay nabubuhay,

وَبَرًّۢا بِوَٰلِدَتِى وَلَمْ يَجْعَلْنِى جَبَّارًا شَقِيًّا ﴿٣٢﴾

32. At maging masunurin sa aking ina, at hindi Niya ako ginawa na maging ubod ng sama at malupit na pinuno;

وَٱلسَّلَٰمُ عَلَىَّ يَوْمَ وُلِدتُّ وَيَوْمَ أَمُوتُ وَيَوْمَ أُبْعَثُ حَيًّا ﴿٣٣﴾

33. Kaya't *Salam* (Kapayapaan) ang sumaakin sa araw na ako ay ipinanganak, sa araw na ako ay mamamatay, at sa araw na ako ay muling ibabangon sa pagkabuhay!"

ذَٰلِكَ عِيسَى ٱبْنُ مَرْيَمَ ۚ قَوْلَ ٱلْحَقِّ ٱلَّذِى فِيهِ يَمْتَرُونَ ﴿٣٤﴾

34. Ito si Hesus, ang anak ni Maria, (ito ay) isang pahayag ng katotohanan, na rito sila ay nag-aalinlangan (o nagsisipagtalu-talo).

مَا كَانَ لِلَّهِ أَن يَتَّخِذَ مِن وَلَدٍ ۖ سُبْحَٰنَهُۥٓ ۚ إِذَا قَضَىٰٓ أَمْرًا فَإِنَّمَا يَقُولُ لَهُۥ كُن فَيَكُونُ ﴿٣٥﴾

35. Hindi isang katampatan (sa Kamahalan ni) Allah na Siya ay magkaanak ng isang lalaki (ito ay tungkol sa paninirang-puri ng mga Kristiyano laban kay Allah sa pagsasabi na si Hesus ay anak ni Allah). Tunay Siyang Maluwalhati (at Kataas-taasan sa lahat ng kanilang mga itinatambal sa Kanya). Kung Siya ay magtakda ng isang bagay, Siya ay magwiwika lamang ng "Mangyari nga" at ito ay magaganap.

وَإِنَّ ٱللَّهَ رَبِّى وَرَبُّكُمْ فَٱعْبُدُوهُ ۗ هَٰذَا صِرَٰطٌ

36. (Si Hesus ay nagsabi): "At katotohanang si Allah ang aking Panginoon at inyong

Panginoon. Kaya't (tanging) sambahin Siya. Ito ang Tuwid na Landas (ang Relihiyon ni Allah, ang Islam na Kanyang ipinag-utos sa lahat ng Kanyang mga Propeta).

مُّسْتَقِيمٌ ﴿٣٦﴾

37. At ang mga sekta ay nagkaiba-iba (alalaong baga, ang mga Kristiyano tungkol kay Hesus), kaya't kasawian sa mga hindi sumasampalataya (sila na nagbibigay ng mga huwad na pagsaksi sa pagsasabi na si Hesus ay anak ni Allah) sa tanawin ng Katakut-takot na Araw (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay, kung kailan sila ay ihahagis sa naglalagablab na Apoy).

فَٱخْتَلَفَ ٱلْأَحْزَابُ مِنۢ بَيْنِهِمْ ۖ فَوَيْلٌ لِّلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِن مَّشْهَدِ يَوْمٍ عَظِيمٍ ﴿٣٧﴾

38. Gaano (kaliwanag) na kanilang (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at walang pananalig sa Kaisahan ni Allah) mamamalas at maririnig, sa Araw na sila ay haharap na sa Amin! Datapuwa't ang *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian, tampalasan, buhong, atbp.) sa ngayon ay nasa lantad na kamalian.

أَسْمِعْ بِهِمْ وَأَبْصِرْ يَوْمَ يَأْتُونَنَا لَٰكِنِ ٱلظَّٰلِمُونَ ٱلْيَوْمَ فِى ضَلَٰلٍ مُّبِينٍ ﴿٣٨﴾

39. At sila ay iyong bigyan ng babala (O Muhammad), ng Araw ng Dalamhati at Pagsisisi, kung ang pangyayari ay napagpasyahan na, habang (sila ngayon) ay nasa kalagayan nang pagwawalang-bahala at sila ay hindi sumasampalataya.

وَأَنذِرْهُمْ يَوْمَ ٱلْحَسْرَةِ إِذْ قُضِىَ ٱلْأَمْرُ ۘ وَهُمْ فِى غَفْلَةٍ وَهُمْ لَا يُؤْمِنُونَ ﴿٣٩﴾

40. Katotohanang Kami ang magmamana sa kalupaan at anumang naroroon, at sa Amin ang kanilang pagbabalik.

إِنَّا نَحْنُ نَرِثُ ٱلْأَرْضَ وَمَنْ عَلَيْهَا وَإِلَيْنَا يُرْجَعُونَ ﴿٤٠﴾

41. At alalahanin mo (O Muhammad) ang nasa Aklat (ang Qur'an) tungkol kay Abraham. Tunay ngang siya ay isang tao ng katotohanan, isang Propeta.

وَٱذْكُرْ فِى ٱلْكِتَٰبِ إِبْرَٰهِيمَ ۚ إِنَّهُۥ كَانَ صِدِّيقًا نَّبِيًّا ﴿٤١﴾

42. Nang kanyang sabihin sa kanyang ama: "O aking ama! Bakit mo sinasamba yaong hindi nakakarinig, at hindi nakakakita, gayundin ay hindi makapagbibigay sa inyo ng anuman?

إِذْ قَالَ لِأَبِيهِ يَٰٓأَبَتِ لِمَ تَعْبُدُ مَا لَا يَسْمَعُ وَلَا يُبْصِرُ وَلَا يُغْنِى عَنكَ شَيْـًٔا ﴿٤٢﴾

43. O aking ama! Katotohanang may dumatal sa akin na karunungan na hindi sumapit sa iyo. Kaya't ako ay inyong sundin, kayo ay aking gagabayan sa Matuwid na Landas.

يَٰٓأَبَتِ إِنِّى قَدْ جَآءَنِى مِنَ ٱلْعِلْمِ مَا لَمْ يَأْتِكَ فَٱتَّبِعْنِىٓ أَهْدِكَ صِرَٰطًا سَوِيًّا ﴿٤٣﴾

يَٰٓأَبَتِ لَا تَعۡبُدِ ٱلشَّيۡطَٰنَۖ إِنَّ ٱلشَّيۡطَٰنَ كَانَ لِلرَّحۡمَٰنِ عَصِيّٗا ﴿٤٤﴾

44. O aking ama! Huwag ninyong sambahin si Satanas. Katotohanang siya ay isang mapaghimagsik laban sa Pinakamahabagin (Allah).

يَٰٓأَبَتِ إِنِّيٓ أَخَافُ أَن يَمَسَّكَ عَذَابٞ مِّنَ ٱلرَّحۡمَٰنِ فَتَكُونَ لِلشَّيۡطَٰنِ وَلِيّٗا ﴿٤٥﴾

45. O aking ama! Katotohanang ako ay nangangamba, baka mangyari, na ang Kaparusahan ng Pinakamahabagin (Allah) ay mabunsod sa inyo, at kayo ay magiging kasamahan ni Satanas (sa Apoy ng Impiyerno)."

قَالَ أَرَاغِبٌ أَنتَ عَنۡ ءَالِهَتِي يَٰٓإِبۡرَٰهِيمُۖ لَئِن لَّمۡ تَنتَهِ لَأَرۡجُمَنَّكَۖ وَٱهۡجُرۡنِي مَلِيّٗا ﴿٤٦﴾

46. Siya (ang ama ni Abraham) ay nangusap: "Ikaw baga ay nagtatakwil sa aking mga diyos, O Abraham? Kung ikaw ay hindi titigil (dito), katotohanang ikaw ay aking babatuhin. Kaya't ako ay iwasan mo sa mahaba-habang panahon."

قَالَ سَلَٰمٌ عَلَيۡكَۖ سَأَسۡتَغۡفِرُ لَكَ رَبِّيٓۖ إِنَّهُۥ كَانَ بِي حَفِيّٗا ﴿٤٧﴾

47. Siya (Abraham) ay nagsabi: "Ang kapayapaan ay sumainyo! Ako ay hihingi ng Kapatawaran para sa inyo mula sa aking Panginoon. Katotohanang Siya ay lagi nang sa akin ay Pinakamapagbigay.

وَأَعۡتَزِلُكُمۡ وَمَا تَدۡعُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ وَأَدۡعُواْ رَبِّي عَسَىٰٓ أَلَّآ أَكُونَ بِدُعَآءِ رَبِّي شَقِيّٗا ﴿٤٨﴾

48. At ako ay lalayo sa inyo at sa inyong pinananalanginan maliban pa kay Allah. At ako ay maninikluhod sa aking Panginoon; at ako ay umaasam na hindi mabibigo sa biyaya ng aking panawagan sa aking Panginoon."

فَلَمَّا ٱعۡتَزَلَهُمۡ وَمَا يَعۡبُدُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ وَهَبۡنَا لَهُۥٓ إِسۡحَٰقَ وَيَعۡقُوبَۖ وَكُلّٗا جَعَلۡنَا نَبِيّٗا ﴿٤٩﴾

49. Kaya't nang siya ay lumayo sa kanila at sa kanilang mga sinasamba maliban pa kay Allah, ay Aming ipinagkaloob sa kanya si Isaac at Hakob, at ang bawat isa sa kanila ay Aming hinirang na Propeta.

وَوَهَبۡنَا لَهُم مِّن رَّحۡمَتِنَا وَجَعَلۡنَا لَهُمۡ لِسَانَ صِدۡقٍ عَلِيّٗا ﴿٥٠﴾

50. At ipinagkaloob Namin sa kanila ang Aming Habag (isang masaganang biyaya at ikabubuhay), at iginawad Namin sa kanila ang mataas na karangalan (alalaong baga, ang bawat bansa ay nakakaala-ala sa kanila na may magagandang papuri).

وَٱذۡكُرۡ فِي ٱلۡكِتَٰبِ مُوسَىٰٓۚ إِنَّهُۥ كَانَ مُخۡلَصٗا وَكَانَ رَسُولٗا نَّبِيّٗا ﴿٥١﴾

51. At alalahanin mo (O Muhammad) ang nasa Aklat (ang Qur'an) tungkol kay Moises. Katotohanang siya ay hinirang bilang isang Sugo na Propeta.

وَنَٰدَيۡنَٰهُ مِن جَانِبِ ٱلطُّورِ ٱلۡأَيۡمَنِ وَقَرَّبۡنَٰهُ

52. At Aming tinawag siya mula sa kanang bahagi ng Bundok (ng Sinai), at dinala (Namin)

siya na malapit (sa Amin) upang maghabilin.

نَجِيًّا ﴿٥٢﴾

53. At ipinagkaloob Namin sa kanya mula sa Aming Habag ang kanyang kapatid (na lalaki) na si Aaron bilang isang propeta.

وَوَهَبْنَا لَهُۥ مِن رَّحْمَتِنَآ أَخَاهُ هَٰرُونَ نَبِيًّا ﴿٥٣﴾

54. At alalahanin mo (O Muhammad) ang nasa Aklat (ang Qur'an) tungkol kay Ismail. Katotohanang siya ay tapat sa kanyang pangako, at siya ay isang Sugo, (at) isang Propeta.

وَٱذْكُرْ فِى ٱلْكِتَٰبِ إِسْمَٰعِيلَ ۚ إِنَّهُۥ كَانَ صَادِقَ ٱلْوَعْدِ وَكَانَ رَسُولًا نَّبِيًّا ﴿٥٤﴾

55. At siya ay palagi nang nagtatagubilin sa kanyang pamilya ng pag-aalay ng *Salah* (ang takdang pagdarasal nang mahinusay), at ng *Zakah* (ang magbayad ng katungkulang kawanggawa), at ang kanyang Panginoon ay nalulugod sa kanya.

وَكَانَ يَأْمُرُ أَهْلَهُۥ بِٱلصَّلَوٰةِ وَٱلزَّكَوٰةِ وَكَانَ عِندَ رَبِّهِۦ مَرْضِيًّا ﴿٥٥﴾

56. At alalahanin mo (O Muhammad) ang nasa Aklat (ang Qur'an) tungkol kay Idris (Enoch). Katotohanang siya ay isang taong matapat (sa salita at gawa), [at] isang Propeta.

وَٱذْكُرْ فِى ٱلْكِتَٰبِ إِدْرِيسَ ۚ إِنَّهُۥ كَانَ صِدِّيقًا نَّبِيًّا ﴿٥٦﴾

57. At Aming itinanghal siya sa mataas na antas (doon sa langit).

وَرَفَعْنَٰهُ مَكَانًا عَلِيًّا ﴿٥٧﴾

58. Sila nga ang pinagkalooban ni Allah ng Kanyang Biyaya sa lipon ng mga propeta, mula sa mga supling ni Adan, at sila na Aming tinangkilik (sa Barko o Arko) na kasama ni Noah, at (mula) sa mga supling ni Abraham at Israel, at mula sa lipon na Aming pinatnubayan at hinirang. Kung ang mga Talata (ng kapahayagan) ng Pinakamahabagin (Allah) ay dinadalit sa kanila, sila ay nangangayupapa sa pagpapatirapa at pagtangis.

أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ أَنْعَمَ ٱللَّهُ عَلَيْهِم مِّنَ ٱلنَّبِيِّـۧنَ مِن ذُرِّيَّةِ ءَادَمَ وَمِمَّنْ حَمَلْنَا مَعَ نُوحٍ وَمِن ذُرِّيَّةِ إِبْرَٰهِيمَ وَإِسْرَٰٓءِيلَ وَمِمَّنْ هَدَيْنَا وَٱجْتَبَيْنَا ۚ إِذَا تُتْلَىٰ عَلَيْهِمْ ءَايَٰتُ ٱلرَّحْمَٰنِ خَرُّوا۟ سُجَّدًا وَبُكِيًّا ﴿٥٨﴾

59. At may sumunod sa kanila na mga sali't saling lahi na nagpabaya sa kanilang pag-aalay ng *Salah* ([takdang pagdarasal],alalaong baga, hinayaan nila ang kanilang pagdarasal na mawalan ng saysay, maaaring ito ay hindi pag-aalay ng dasal o hindi pag-aalay nito nang ganap at mahinusay o wala sa takdang oras), at sumunod sa (kanilang) mga pagnanasa (mga buktot na gawain at pag-iimbot). Kaya't sila ay ihahagis sa Impiyerno.

۞ فَخَلَفَ مِنۢ بَعْدِهِمْ خَلْفٌ أَضَاعُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ وَٱتَّبَعُوا۟ ٱلشَّهَوَٰتِ ۖ فَسَوْفَ يَلْقَوْنَ غَيًّا ﴿٥٩﴾

إِلَّا مَن تَابَ وَءَامَنَ وَعَمِلَ صَٰلِحًا فَأُو۟لَٰٓئِكَ يَدْخُلُونَ ٱلْجَنَّةَ وَلَا يُظْلَمُونَ شَيْـًٔا ﴿٦٠﴾

60. Maliban sa kanya na nagtika at sumampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Kanyang Sugong si Muhammad), at nagsagawa ng kabutihan. Sila nga ang papasok sa Paraiso at sila ay hindi pakikitunguhan ng kawalan ng katarungan, kahit na katiting.

جَنَّٰتِ عَدْنٍ ٱلَّتِى وَعَدَ ٱلرَّحْمَٰنُ عِبَادَهُۥ بِٱلْغَيْبِ ۚ إِنَّهُۥ كَانَ وَعْدُهُۥ مَأْتِيًّا ﴿٦١﴾

61. (Sila ay magsisipasok) sa Walang Hanggang Halamanan (Paraiso), na ipinangako sa lingid ng Pinakamahabagin (Allah) sa Kanyang mga alipin. Katotohanan, ang Kanyang pangako ay magaganap!

لَّا يَسْمَعُونَ فِيهَا لَغْوًا إِلَّا سَلَٰمًا ۖ وَلَهُمْ رِزْقُهُمْ فِيهَا بُكْرَةً وَعَشِيًّا ﴿٦٢﴾

62. Sila ay hindi makakarinig dito (sa Paraiso) ng anumang walang saysay na pag-uusap, bagkus ay *Salam* lamang (ang pagbati ng Kapayapaan). At sasakanila rito ang panustos na ikabubuhay sa umaga at sa hapon.

تِلْكَ ٱلْجَنَّةُ ٱلَّتِى نُورِثُ مِنْ عِبَادِنَا مَن كَانَ تَقِيًّا ﴿٦٣﴾

63. Ito ang Paraiso na Aming ipagkakaloob bilang isang pamana sa kanila na Aming mga alipin na naging *Al-Muttaqun* (alalaong baga, mga matimtiman at matutuwid na mananampalataya kay Allah).

وَمَا نَتَنَزَّلُ إِلَّا بِأَمْرِ رَبِّكَ ۖ لَهُۥ مَا بَيْنَ أَيْدِينَا وَمَا خَلْفَنَا وَمَا بَيْنَ ذَٰلِكَ ۚ وَمَا كَانَ رَبُّكَ نَسِيًّا ﴿٦٤﴾

64. At kami (na mga anghel) ay hindi bumababa maliban na pag-utusan ng iyong Panginoon (O Muhammad). Sa Kanya ang pag-aangkin (ng lahat) ng nasa aming harapan at (lahat) ng nasa aming likuran at anuman ang nasa pagitan ng dalawang ito, at ang iyong Panginoon, kailanman ay hindi nakalilimot, -

رَّبُّ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَمَا بَيْنَهُمَا فَٱعْبُدْهُ وَٱصْطَبِرْ لِعِبَٰدَتِهِۦ ۚ هَلْ تَعْلَمُ لَهُۥ سَمِيًّا ﴿٦٥﴾

65. Ang Panginoon ng kalangitan at kalupaan, at lahat ng nasa pagitan nito, kaya't (tanging) sambahin lamang Siya at maging matiyaga sa pagsamba sa Kanya. Kayo baga ay nakakaalam sa sinuman na katulad Niya? (di nga kasi, walang sinuman ang katulad o katapat Niya o maaaring maiwangki sa Kanya at wala Siyang katambal; 'Walang sinuman ang makakatulad Niya, at Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Nakamamasid').

وَيَقُولُ ٱلْإِنسَٰنُ أَءِذَا مَا مِتُّ لَسَوْفَ أُخْرَجُ حَيًّا ﴿٦٦﴾

66. At ang tao (na walang pananalig) ay nagsasabi: "Kung ako ba ay patay na, ako baga ay tunay na ibabangong (muli) sa pagkabuhay?"

أَوَلَا يَذْكُرُ ٱلْإِنسَٰنُ أَنَّا خَلَقْنَٰهُ مِن قَبْلُ وَلَمْ

67. Hindi baga nagugunita ng tao na siya ay

Aming nilikha noon, habang siya ay (mula) sa wala?

يَكُ شَيْـًٔا ﴿٦٧﴾

68. Kaya't Ako (Allah) ay nanunumpa; katiyakang sila ay Aming titipunin nang sama-sama, at (gayundin) ang mga demonyo (na kasama nila), at sila ay Aming itatambad sa Impiyerno na lumiligid sa kanilang mga tuhod.

فَوَرَبِّكَ لَنَحْشُرَنَّهُمْ وَالشَّيَاطِينَ ثُمَّ لَنُحْضِرَنَّهُمْ حَوْلَ جَهَنَّمَ جِثِيًّا ﴿٦٨﴾

69. At katotohanan, Aming kakaladkarin mula sa bawat sekta ang sinumang pinakamasama sa kanila sa paghihimagsik, laban sa Pinakamahabagin (Allah).

ثُمَّ لَنَنزِعَنَّ مِن كُلِّ شِيعَةٍ أَيُّهُمْ أَشَدُّ عَلَى الرَّحْمَٰنِ عِتِيًّا ﴿٦٩﴾

70. At katotohanan, ganap Naming batid sila na karapat-dapat na masunog dito.

ثُمَّ لَنَحْنُ أَعْلَمُ بِالَّذِينَ هُمْ أَوْلَىٰ بِهَا صِلِيًّا ﴿٧٠﴾

71. At walang sinuman sa inyo ang hindi magdaraan (tatawid) sa ibabaw nito (Impiyerno); ito ay isang itinakda na kapasyahan ng iyong Panginoon.

وَإِن مِّنكُمْ إِلَّا وَارِدُهَا ۚ كَانَ عَلَىٰ رَبِّكَ حَتْمًا مَّقْضِيًّا ﴿٧١﴾

72. At Aming ililigtas sila na may pangangamba (kay Allah at naging masunurin sa Kanya). At Aming hahayaan ang *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian) dito, na (nanggigipuspos) sa kanilang mga tuhod (sa Impiyerno).

ثُمَّ نُنَجِّي الَّذِينَ اتَّقَوا وَّنَذَرُ الظَّالِمِينَ فِيهَا جِثِيًّا ﴿٧٢﴾

73. At kung ang Aming Malilinaw na mga Talata ay dinadalit sa kanila, sila na hindi sumasampalataya (ang mga mayayaman at malalakas sa lipon ng mga paganong Quraish na namumuhay sa kariwasaan at luho) ay nagsasabi sa mga sumasampalataya (ang mga mahihina, mga mahihirap na kasamahan ni Propeta Muhammad na naghihikahos sa buhay): "Alin sa dalawang pangkat (alalaong baga, ang mga sumasampalataya at hindi nananampalataya) ang pinakamainam ng kalagayan at katayuan (sa lipunan).

وَإِذَا تُتْلَىٰ عَلَيْهِمْ آيَاتُنَا بَيِّنَاتٍ قَالَ الَّذِينَ كَفَرُوا لِلَّذِينَ آمَنُوا أَيُّ الْفَرِيقَيْنِ خَيْرٌ مَّقَامًا وَأَحْسَنُ نَدِيًّا ﴿٧٣﴾

74. At gaano na karaming henerasyon (mga unang pamayanan o mga bansa) ang Amin nang winasak na una pa sa kanila, na higit na mainam sa kayamanan, mga kalakal at panlabas na anyo?"

وَكَمْ أَهْلَكْنَا قَبْلَهُم مِّن قَرْنٍ هُمْ أَحْسَنُ أَثَاثًا وَرِئْيًا ﴿٧٤﴾

75. Ipagbadya (O Muhammad) sa sinumang nasa kamalian; ang Pinakamahabagin (Allah) ay

قُلْ مَن كَانَ فِي الضَّلَالَةِ فَلْيَمْدُدْ لَهُ الرَّحْمَٰنُ مَدًّا

mag-aabot sa kanya (ng lubid) hanggang sa kanilang makita ang bagay na sa kanila ay ipinangako, maaaring ang kaparusahan o ang Oras, - at kanilang mapag-aalaman kung sino ang nasa pinakamasamang kalagayan, at kung sino ang mahina sa lakas (o sandatahan). [Ito ang sagot sa talata bilang 19:73].

حَتَّىٰٓ إِذَا رَأَوْا۟ مَا يُوعَدُونَ إِمَّا ٱلْعَذَابَ وَإِمَّا ٱلسَّاعَةَ فَسَيَعْلَمُونَ مَنْ هُوَ شَرٌّ مَّكَانًا وَأَضْعَفُ جُندًا ﴿٧٥﴾

76. At si Allah ang nagdaragdag ng patnubay sa kanila na napatnubayan. At ang mababuting gawa na nananatili ay higit na mainam sa inyong Panginoon sa gantimpala at higit na mainam sa sukli.

وَيَزِيدُ ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ ٱهْتَدَوْا۟ هُدًى ۗ وَٱلْبَٰقِيَٰتُ ٱلصَّٰلِحَٰتُ خَيْرٌ عِندَ رَبِّكَ ثَوَابًا وَخَيْرٌ مَّرَدًّا ﴿٧٦﴾

77. Napagmamasdan mo ba siya na nagpapabulaan sa Aming *Ayat* (itong Qur'an, at si Muhammad) at (magkagayunman) ay nagsasabi: "Katiyakang ako ay bibigyan ng kayamanan at mga anak (kung ako ay muling bubuhayin)".

أَفَرَءَيْتَ ٱلَّذِى كَفَرَ بِـَٔايَٰتِنَا وَقَالَ لَأُوتَيَنَّ مَالًا وَوَلَدًا ﴿٧٧﴾

78. Talastas baga niya ang nalilingid o siya ba ay may kasunduan sa Pinakamahabagin (Allah)?

أَطَّلَعَ ٱلْغَيْبَ أَمِ ٱتَّخَذَ عِندَ ٱلرَّحْمَٰنِ عَهْدًا ﴿٧٨﴾

79. Hindi! Aming (Allah) itatala ang kanyang sinasabi, at Aming daragdagan ang kanyang kaparusahan (sa Impiyerno);

كَلَّا ۚ سَنَكْتُبُ مَا يَقُولُ وَنَمُدُّ لَهُۥ مِنَ ٱلْعَذَابِ مَدًّا ﴿٧٩﴾

80. At Aming mamanahin mula sa kanya (sa oras ng kanyang kamatayan) ang lahat ng kanyang ipinangungusap (alalaong baga, ang kanyang kayamanan at mga anak na Aming ipinagkaloob sa kanya sa mundong ito), at siya ay makakarating sa Amin na nag-iisa.

وَنَرِثُهُۥ مَا يَقُولُ وَيَأْتِينَا فَرْدًا ﴿٨٠﴾

81. At sila ay tumangkilik (sa pagsamba) ng ibang mga diyos maliban pa kay Allah, upang sila ay makapagbigay sa kanila ng karangalan (kapangyarihan at kapurihan at upang makapangalaga rin sa kanila sa kaparusahan ni Allah).

وَٱتَّخَذُوا۟ مِن دُونِ ٱللَّهِ ءَالِهَةً لِّيَكُونُوا۟ لَهُمْ عِزًّا ﴿٨١﴾

82. Hindi, ang kanilang (tinatawag na mga diyos) ay magkakaila ng kanilang pagsamba sa kanila, at magiging mga kaaway nila (sa Araw ng Muling Pagkabuhay).

كَلَّا ۚ سَيَكْفُرُونَ بِعِبَادَتِهِمْ وَيَكُونُونَ عَلَيْهِمْ ضِدًّا ﴿٨٢﴾

83. Hindi baga ninyo namamasdan na Aming

أَلَمْ تَرَ أَنَّآ أَرْسَلْنَا ٱلشَّيَٰطِينَ عَلَى ٱلْكَٰفِرِينَ

isinugo ang mga demonyo laban sa mga hindi sumasampalataya upang itulak sila na gumawa ng kasamaan.

تَؤُزُّهُمْ أَزًّا ﴿٨٣﴾

84. Kaya't huwag kang magmadali laban sa kanila; Kami (Allah) ay nag-aantala ng kanilang buhay (idad) sa mundong ito at nagbibilang ng kanilang mga gawa.

فَلَا تَعْجَلْ عَلَيْهِمْ ۖ إِنَّمَا نَعُدُّ لَهُمْ عَدًّا ﴿٨٤﴾

85. Sa Araw na Aming titipunin ang *Muttaqun* (alalaong baga, mga matimtiman at matutuwid na mananampalataya kay Allah) tungo sa Pinakamahabagin (Allah), na katulad ng isang kinatawan (delegasyon).

يَوْمَ نَحْشُرُ الْمُتَّقِينَ إِلَى الرَّحْمَٰنِ وَفْدًا ﴿٨٥﴾

86. At Aming itataboy ang *Mujrimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, makasalanan, kriminal, buhong, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah) sa Impiyerno, na (katulad ng isang) uhaw (na kawan ng hayop na itinaboy sa tubigan),-

وَنَسُوقُ الْمُجْرِمِينَ إِلَىٰ جَهَنَّمَ وِرْدًا ﴿٨٦﴾

87. Wala silang kapangyarihan ng pamamagitan, maliban sa kanya na tumanggap ng pangako (pahintulot) mula sa Pinakamahabagin (Allah).

لَا يَمْلِكُونَ الشَّفَاعَةَ إِلَّا مَنِ اتَّخَذَ عِندَ الرَّحْمَٰنِ عَهْدًا ﴿٨٧﴾

88. At sila ay nagsasabi: "Ang Pinakamahabagin (Allah) ay nagkaanak ng isang lalaki (katulad ng pagsasabi ng mga Hudyo: Si Ezra ay anak na lalaki ni Allah; at ng pagsasabi ng mga Kristiyano: Si Hesus ay anak na lalaki ng Panginoong Diyos [Allah], at ng pagsasabi ng mga paganong Arabo: [na] Siya ay nagkaanak ng mga babae [ang mga anghel])."

وَقَالُوا اتَّخَذَ الرَّحْمَٰنُ وَلَدًا ﴿٨٨﴾

89. Katotohanang kayo ay nagtambad (nagtaguri) ng isang kakila-kilabot na masamang bagay.

لَّقَدْ جِئْتُمْ شَيْئًا إِدًّا ﴿٨٩﴾

90. Na (dahil dito) ang kalangitan ay halos mapunit, at ang kalupaan ay mabiyak mula sa ilalim, at ang kabundukan ay malansag sa pagkaguho,

تَكَادُ السَّمَاوَاتُ يَتَفَطَّرْنَ مِنْهُ وَتَنشَقُّ الْأَرْضُ وَتَخِرُّ الْجِبَالُ هَدًّا ﴿٩٠﴾

91. Na sila ay nagpaangkin ng isang anak (na lalaki) sa Pinakamahabagin (Allah).

أَن دَعَوْا لِلرَّحْمَٰنِ وَلَدًا ﴿٩١﴾

92. At hindi katampatan (sa Kamahalan) ng Pinakamahabagin (Allah) na Siya ay magkaanak ng anak (na lalaki) [supling o mga anak].

وَمَا يَنبَغِي لِلرَّحْمَٰنِ أَن يَتَّخِذَ وَلَدًا ﴿٩٢﴾

93. Walang sinuman ang nasa kalangitan at kalupaan ang paparoon sa Pinakamahabagin (Allah) na (siya'y) hindi isang alipin.

إِن كُلُّ مَن فِي السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ إِلَّا آتِي الرَّحْمَٰنِ عَبْدًا ﴿٩٣﴾

لَقَدْ أَحْصَىٰهُمْ وَعَدَّهُمْ عَدًّا ﴿٩٤﴾

94. Katotohanang batid Niya ang bawat isa sa kanila, at silang lahat ay nabilang Niya sa ganap na pagsusulit (pagbibilang).

وَكُلُّهُمْ ءَاتِيهِ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ فَرْدًا ﴿٩٥﴾

95. At lahat sila ay paparoon sa Kanya na nag-iisa sa Araw ng Muling Pagkabuhay (na walang anumang katulong, tagapangalaga o tagapagtanggol).

إِنَّ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ سَيَجْعَلُ لَهُمُ ٱلرَّحْمَٰنُ وُدًّا ﴿٩٦﴾

96. Katotohanang sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at naniniwala sa Kanyang Sugong si Muhammad) at gumagawa ng mga kabutihan, ang Pinakamahabagin (Allah) ay magkakaloob ng pagmamahal sa kanila (sa puso ng mga sumasampalataya).

فَإِنَّمَا يَسَّرْنَٰهُ بِلِسَانِكَ لِتُبَشِّرَ بِهِ ٱلْمُتَّقِينَ وَتُنذِرَ بِهِۦ قَوْمًا لُّدًّا ﴿٩٧﴾

97. Kaya't ginawa Namin ito (ang Qur'an), na magaan sa iyong sariling dila (O Muhammad), upang ikaw ay makapagbigay ng masayang balita sa *Muttaqun* (alalaong baga, mga matimtiman at matutuwid na mananampalataya kay Allah), at upang mabigyan ng babala sa pamamagitan nito (ng Qur'an) ang mga pinakapalaaway (at magugulong tao).

وَكَمْ أَهْلَكْنَا قَبْلَهُم مِّن قَرْنٍ هَلْ تُحِسُّ مِنْهُم مِّنْ أَحَدٍ أَوْ تَسْمَعُ لَهُمْ رِكْزًا ﴿٩٨﴾

98. At gaano na ba karaming henerasyon bago pa sa kanila ang Amin nang winasak! Ikaw ba (O Muhammad) ay makatatagpo kahit na isa man (lamang) sa kanila, o di kaya ay makakarinig ng kahit na isang bulong (man lamang) sa kanila?

سُورَةُ طٰهٰ

Surah 20

Surat Ta Ha
(Mga Titik Ta at Ha)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

طه ﴿١﴾

1. Ta, Ha (Ta, Ha. Ito ay mga titik sa wikang Arabik na tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

مَآ أَنزَلْنَا عَلَيْكَ ٱلْقُرْءَانَ لِتَشْقَىٰٓ ﴿٢﴾

2. Hindi Namin ipinanaog ang Qur'an sa iyo (O Muhammad) upang ikaw ay bigyan ng siphayo,

إِلَّا تَذۡكِرَةٗ لِّمَن يَخۡشَىٰ ٣

3. Maliban lamang na ito ay isang Paala-ala sa mga may pangangamba (kay Allah).

تَنزِيلٗا مِّمَّنۡ خَلَقَ ٱلۡأَرۡضَ وَٱلسَّمَٰوَٰتِ ٱلۡعُلَى ٤

4. Isang kapahayagan mula sa Kanya (Allah) na lumikha ng kalupaan at kalangitan sa kaitaasan.

ٱلرَّحۡمَٰنُ عَلَى ٱلۡعَرۡشِ ٱسۡتَوَىٰ ٥

5. Ang Pinakamahabagin (Allah) ay nag-*istawa* (pumaibabaw) sa Kanyang *'Arsh* (Trono o Luklukan sa paraang naaangkop sa Kanyang Kamahalan).

لَهُۥ مَا فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِي ٱلۡأَرۡضِ وَمَا بَيۡنَهُمَا وَمَا تَحۡتَ ٱلثَّرَىٰ ٦

6. Sa Kanya ang pag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito at nasa kailaliman ng lupa.

وَإِن تَجۡهَرۡ بِٱلۡقَوۡلِ فَإِنَّهُۥ يَعۡلَمُ ٱلسِّرَّ وَأَخۡفَى ٧

7. At kung ikaw (O Muhammad) ay mangusap nang malakas (sa paninikluhod), katotohanang Siya ang nakakaalam ng mga lihim at kung anuman ang nalilingid.

ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ لَهُ ٱلۡأَسۡمَآءُ ٱلۡحُسۡنَىٰ ٨

8. Allah! *La ilaha illa Huwa*! (Si Allah! Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya)! Sa Kanya ang pag-aangkin ng lahat ng Magagandang Pangalan.

وَهَلۡ أَتَىٰكَ حَدِيثُ مُوسَىٰٓ ٩

9. Ang kasaysayan ba ni Musa (Moises) ay nakarating na sa iyo?

إِذۡ رَءَا نَارٗا فَقَالَ لِأَهۡلِهِ ٱمۡكُثُوٓاْ إِنِّيٓ ءَانَسۡتُ نَارٗا لَّعَلِّيٓ ءَاتِيكُم مِّنۡهَا بِقَبَسٍ أَوۡ أَجِدُ عَلَى ٱلنَّارِ هُدٗى ١٠

10. Nang siya ay nakamalas ng apoy, kaya't sinabi niya sa kanyang pamilya: "Maghintay kayo rito! Katotohanang ako ay nakakita ng apoy. Marahil ay makapagdadala ako sa inyo mula roon ng isang sulo na nag-aapoy o dili kaya, (ako) ay makatatagpo ng ilang patnubay mula sa apoy."

فَلَمَّآ أَتَىٰهَا نُودِيَ يَٰمُوسَىٰٓ ١١

11. Datapuwa't nang makalapit na siya sa apoy, siya ay tinawag sa pangalan: "O Moises!"

إِنِّيٓ أَنَا۠ رَبُّكَ فَٱخۡلَعۡ نَعۡلَيۡكَۖ إِنَّكَ بِٱلۡوَادِ ٱلۡمُقَدَّسِ طُوٗى ١٢

12. Katotohanang Ako ang iyong Panginoon! Kaya't hubarin mo ang iyong sapatos; ikaw ay nasa sagradong lambak ng Tuwa.

وَأَنَا ٱخۡتَرۡتُكَ فَٱسۡتَمِعۡ لِمَا يُوحَىٰٓ ١٣

13. At ikaw ay Aking hinirang, kaya't makinig ka sa bagay na sa iyo ay ipapahayag.

إِنَّنِيٓ أَنَا ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّآ أَنَا۠ فَٱعۡبُدۡنِي وَأَقِمِ ٱلصَّلَوٰةَ لِذِكۡرِيٓ ١٤

14. Katotohanan! Ako si Allah! *La ilaha illa Ana* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Akin). Kaya't Ako lamang ang iyong sambahin at ikaw ay mag-alay ng *Salah* (takdang pagdarasal nang

palagian) bilang pag-aala-ala sa Akin.

إِنَّ ٱلسَّاعَةَ ءَاتِيَةٌ أَكَادُ أُخْفِيهَا لِتُجْزَىٰ كُلُّ نَفْسٍۭ بِمَا تَسْعَىٰ ﴿١٥﴾

15. Katotohanang ang (Huling) Oras (alalaong baga, ang katapusan ng mundo) ay paparating na, at ito ay Aking sinadya na nalilingid upang ang bawat tao (kaluluwa) ay makatanggap ng kanyang gantimpala ayon sa kanyang pinagsumikapan.

فَلَا يَصُدَّنَّكَ عَنْهَا مَن لَّا يُؤْمِنُ بِهَا وَٱتَّبَعَ هَوَىٰهُ فَتَرْدَىٰ ﴿١٦﴾

16. Kaya't huwag hayaan (O Moises) ang isang tao na hindi nananampalataya (sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sa Pagsusulit, sa Paraiso at Impiyerno) at sumusunod lamang sa kanyang mga pagnanasa ay makapagligaw sa iyo (sa Tuwid na Landas); maaaring ikaw ay maglaho.

وَمَا تِلْكَ بِيَمِينِكَ يَٰمُوسَىٰ ﴿١٧﴾

17. "At ano yaong nasa iyong kanang kamay, O Moises!"

قَالَ هِىَ عَصَاىَ أَتَوَكَّؤُا۟ عَلَيْهَا وَأَهُشُّ بِهَا عَلَىٰ غَنَمِى وَلِىَ فِيهَا مَـَٔارِبُ أُخْرَىٰ ﴿١٨﴾

18. Siya ay nagsabi: "Ito ang aking tungkod. Dito ako humihilig at (ito) ang aking panghampas sa mga dahon upang pakainin ang aking mga tupa, at ito rin ay marami pang gamit sa akin."

قَالَ أَلْقِهَا يَٰمُوسَىٰ ﴿١٩﴾

19. (Si Allah) ay nagwika: "Ihagis mo iyan, O Moises!"

فَأَلْقَىٰهَا فَإِذَا هِىَ حَيَّةٌ تَسْعَىٰ ﴿٢٠﴾

20. Inihagis niya ito, at kapagdaka ito ay naging ahas na gumagalaw nang mabilis.

قَالَ خُذْهَا وَلَا تَخَفْ ۖ سَنُعِيدُهَا سِيرَتَهَا ٱلْأُولَىٰ ﴿٢١﴾

21. (Si Allah) ay nagwika: "Sakmalin mo ito at huwag kang matakot. Ibabalik Naming muli ito sa kanyang dating anyo,

وَٱضْمُمْ يَدَكَ إِلَىٰ جَنَاحِكَ تَخْرُجْ بَيْضَآءَ مِنْ غَيْرِ سُوٓءٍ ءَايَةً أُخْرَىٰ ﴿٢٢﴾

22. At idiin mo ang iyong (kanang) kamay sa (kaliwa) mong tagiliran; ito ay magiging puti (at magluluningning), na isa pang tanda na hindi nakapipinsala,

لِنُرِيَكَ مِنْ ءَايَـٰتِنَا ٱلْكُبْرَى ﴿٢٣﴾

23. Upang maipamalas Namin sa iyo ang (ilan) sa Aming higit na mga Dakilang Tanda."

ٱذْهَبْ إِلَىٰ فِرْعَوْنَ إِنَّهُۥ طَغَىٰ ﴿٢٤﴾

24. "Pumaroon ka kay Paraon! Katotohanang siya ay nagmalabis sa pagsuway (sa kawalan ng pananalig, pag-aasal ng kapalaluan at pagiging mapang-api)."

قَالَ رَبِّ ٱشْرَحْ لِى صَدْرِى ﴿٢٥﴾

25. (Si Moises) ay nagsabi: "O aking Panginoon! Buksan Ninyo ang aking dibdib (Inyong bigyan ako ng tiwala sa aking sarili at katatagan),

وَيَسِّرْ لِىٓ أَمْرِى ﴿٢٦﴾

26. At padaliin Ninyo para sa akin ang aking tungkulin,

27. At Inyong alisin ang aking kahinaan sa pagsasalita (alalaong baga, ang mapawi ang kanyang kaba at kamalian sa kanyang pangungusap),

وَٱحۡلُلۡ عُقۡدَةٗ مِّن لِّسَانِي ٢٧

28. Upang kanilang maunawaan ang aking sasabihin,

يَفۡقَهُواْ قَوۡلِي ٢٨

29. At Inyong gawaran ako ng isang ministro (alalaong baga, makakatulong para sa gawaing ispiritwal) mula sa aking pamilya,

وَٱجۡعَل لِّي وَزِيرٗا مِّنۡ أَهۡلِي ٢٩

30. Si Aaron, ang aking kapatid na lalaki,

هَٰرُونَ أَخِي ٣٠

31. Dagdagan Ninyo ang aking tatag at lakas sa pamamagitan niya,

ٱشۡدُدۡ بِهِۦٓ أَزۡرِي ٣١

32. At hayaan na siya ay makihati sa aking tungkulin (sa pagpaparating ng Mensahe ni Allah at Pagkapropeta),

وَأَشۡرِكۡهُ فِيٓ أَمۡرِي ٣٢

33. Upang aming maipagbunyi ang pagpupuri sa Inyo nang walang maliw,

كَيۡ نُسَبِّحَكَ كَثِيرٗا ٣٣

34. At higit namin Kayong alalahanin (nang walang pagsasawa),

وَنَذۡكُرَكَ كَثِيرًا ٣٤

35. Sapagkat katotohanang Kayo sa amin ay Laging Nagmamasid!"

إِنَّكَ كُنتَ بِنَا بَصِيرٗا ٣٥

36. (Si Allah) ay nagwika: "O Moises, ang iyong panalangin ay Aking dininig!"

قَالَ قَدۡ أُوتِيتَ سُؤۡلَكَ يَٰمُوسَىٰ ٣٦

37. At katotohanang Kami ay naggawad (noon) ng ibang biyaya sa iyo.

وَلَقَدۡ مَنَنَّا عَلَيۡكَ مَرَّةً أُخۡرَىٰٓ ٣٧

38. (Alalahanin) nang Kami ay nagkaloob sa iyong ina ng inspirasyon.

إِذۡ أَوۡحَيۡنَآ إِلَىٰٓ أُمِّكَ مَا يُوحَىٰٓ ٣٨

39. Na nagsasabi: "Ilagay mo siya (ang sanggol) sa isang *Tabut* (kuna o kahon o tampipi), at iyong ipaanod ito sa ilog (ng Nile). Ang ilog ay magsasadsad sa kanya sa pampang at siya ay kukunin ng Aking kaaway at kaaway din niya, at binahaginan kita ng pagmamahal mula sa Akin, upang ikaw ay lumaki (sa pagkakandili) ng Aking Paningin.

أَنِ ٱقۡذِفِيهِ فِي ٱلتَّابُوتِ فَٱقۡذِفِيهِ فِي ٱلۡيَمِّ فَلۡيُلۡقِهِ ٱلۡيَمُّ بِٱلسَّاحِلِ يَأۡخُذۡهُ عَدُوّٞ لِّي وَعَدُوّٞ لَّهُۥۚ وَأَلۡقَيۡتُ عَلَيۡكَ مَحَبَّةٗ مِّنِّي وَلِتُصۡنَعَ عَلَىٰ عَيۡنِيٓ ٣٩

40. Nang ang iyong kapatid na babae ay dumating at nagsabi: "Ipakikita ko ba sa inyo ang tao na mag-aalaga sa kanya?" Kaya't ikaw ay ibinalik Namin sa iyong ina, upang siya ay mapanatag at huwag manindim. At ikaw ay nakapatay ng isang tao, datapuwa't iniligtas ka

إِذۡ تَمۡشِيٓ أُخۡتُكَ فَتَقُولُ هَلۡ أَدُلُّكُمۡ عَلَىٰ مَن يَكۡفُلُهُۥۖ فَرَجَعۡنَٰكَ إِلَىٰٓ أُمِّكَ كَيۡ تَقَرَّ عَيۡنُهَا وَلَا تَحۡزَنَۚ وَقَتَلۡتَ نَفۡسٗا فَنَجَّيۡنَٰكَ مِنَ ٱلۡغَمِّ وَفَتَنَّٰكَ فُتُونٗاۚ فَلَبِثۡتَ سِنِينَ فِيٓ أَهۡلِ مَدۡيَنَ ثُمَّ

Namin sa kaguluhan at ikaw ay Aming sinubukan sa maraming paraan. At ikaw ay namalagi ng maraming taon sa pamayanan ng Madyan. Pagkaraan, ikaw ay naparito sa napagpasyahang panahon, O Moises!

جِئْتَ عَلَىٰ قَدَرٍ يَٰمُوسَىٰ ﴿٤٠﴾

41. At ikaw ay Aking pinili at inihanda para sa Aking mensahe.

وَٱصْطَنَعْتُكَ لِنَفْسِى ﴿٤١﴾

42. Pumaroon ka at ang iyong kapatid na dala ang Aking *Ayat* (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral, atbp.) at huwag kayong panghinaan sa pag-aala-ala sa Akin.

ٱذْهَبْ أَنتَ وَأَخُوكَ بِـَٔايَٰتِى وَلَا تَنِيَا فِى ذِكْرِى ﴿٤٢﴾

43. "Magsiparoon kayo kay Paraon, sapagkat katotohanang siya ay nagmalabis sa lahat ng hangganan ng pagsuway (sa kawalan ng pananalig, kapalaluan at pang-aapi)."

ٱذْهَبَآ إِلَىٰ فِرْعَوْنَ إِنَّهُۥ طَغَىٰ ﴿٤٣﴾

44. At mangusap kayo sa kanya nang mahinahon, maaaring siya ay makaala-ala o mangamba (kay Allah).

فَقُولَا لَهُۥ قَوْلًا لَّيِّنًا لَّعَلَّهُۥ يَتَذَكَّرُ أَوْ يَخْشَىٰ ﴿٤٤﴾

45. Sila (Moises at Aaron) ay nagsabi: "O aming Panginoon! Katotohanang kami ay nangangamba na madaliin niya ang pagpaparusa sa amin, o di kaya ay magmalabis siya sa pagsuway (laban sa amin).

قَالَا رَبَّنَآ إِنَّنَا نَخَافُ أَن يَفْرُطَ عَلَيْنَآ أَوْ أَن يَطْغَىٰ ﴿٤٥﴾

46. Siya (Allah) ay nagwika: "Huwag kayong matakot! Katotohanang Ako ay kasama (kakampi) ninyong dalawa, na Nakakarinig at Nakamamasid."

قَالَ لَا تَخَافَآ إِنَّنِى مَعَكُمَآ أَسْمَعُ وَأَرَىٰ ﴿٤٦﴾

47. Kaya't kapwa kayo magsiparoon sa kanya at magpahayag: "Katotohanang kami ay mga Sugo mula sa iyong Panginoon, kaya't hayaan ang lahat ng Angkan ng Israel ay sumama sa amin at huwag mo silang pahirapan. Katotohanang kami ay dumatal na may dalang Tanda mula sa iyong Panginoon! At ang Kapayapaan ay mapapasakanya, siya na sumunod sa patnubay!"

فَأْتِيَاهُ فَقُولَآ إِنَّا رَسُولَا رَبِّكَ فَأَرْسِلْ مَعَنَا بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ وَلَا تُعَذِّبْهُمْ ۖ قَدْ جِئْنَٰكَ بِـَٔايَةٍ مِّن رَّبِّكَ ۖ وَٱلسَّلَٰمُ عَلَىٰ مَنِ ٱتَّبَعَ ٱلْهُدَىٰٓ ﴿٤٧﴾

48. "Katotohanang sa amin ay ipinahayag na ang kaparusahan ay naghihintay sa mga nagtakwil (sa Kaisahan ni Allah, sa Kanyang mga Sugo) at nagsitalikod (sa katotohanan at pagsunod kay Allah)."

إِنَّا قَدْ أُوحِىَ إِلَيْنَآ أَنَّ ٱلْعَذَابَ عَلَىٰ مَن كَذَّبَ وَتَوَلَّىٰ ﴿٤٨﴾

49. Siya (Paraon) ay nagsabi: "Sino baga, O Moises ang Panginoon ninyong dalawa?"

قَالَ فَمَن رَّبُّكُمَا يَٰمُوسَىٰ ﴿٤٩﴾

قَالَ رَبُّنَا ٱلَّذِىٓ أَعۡطَىٰ كُلَّ شَىۡءٍ خَلۡقَهُۥ ثُمَّ هَدَىٰ ﴿٥٠﴾

50. Siya (Moises) ay nagsabi: "Ang aming Panginoon ay Siya, na nagbigay sa bawat bagay ng kanyang hugis at kalikasan at sa kanila ay namamatnubay."

قَالَ فَمَا بَالُ ٱلۡقُرُونِ ٱلۡأُولَىٰ ﴿٥١﴾

51. (Si Paraon) ay nagturing: "At ano naman ang tungkol sa mga nangaunang henerasyon?"

قَالَ عِلۡمُهَا عِندَ رَبِّى فِى كِتَٰبٍ لَّا يَضِلُّ رَبِّى وَلَا يَنسَى ﴿٥٢﴾

52. (Si Moises) ay nagsabi: "Ang kaalaman diyan ay nasa aking Panginoon, sa isang Talaan. Ang aking Panginoon ay hindi kailanman nagkakamali at nakalilimot,

ٱلَّذِى جَعَلَ لَكُمُ ٱلۡأَرۡضَ مَهۡدًا وَسَلَكَ لَكُمۡ فِيهَا سُبُلًا وَأَنزَلَ مِنَ ٱلسَّمَآءِ مَآءً فَأَخۡرَجۡنَا بِهِۦٓ أَزۡوَٰجًا مِّن نَّبَاتٍ شَتَّىٰ ﴿٥٣﴾

53. Siya na lumikha sa inyo ng kalupaan na tila higaan (nakalatag); upang kayo ay matagumpay na makapaglakbay sa mga daan nito; at nagpamalisbis ng tubig (ulan) mula sa alapaap." At dito ay nagpatubo Kami ng iba't ibang uri ng halaman at pananim.

كُلُوا۟ وَٱرۡعَوۡا۟ أَنۡعَٰمَكُمۡ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَٰتٍ لِّأُو۟لِى ٱلنُّهَىٰ ﴿٥٤﴾

54. Magsikain kayo at inyong pastulan ang inyong hayupan (bakahan) dito; katotohanang naririto ang mga Tanda sa mga tao na may pang-unawa.

مِنۡهَا خَلَقۡنَٰكُمۡ وَفِيهَا نُعِيدُكُمۡ وَمِنۡهَا نُخۡرِجُكُمۡ تَارَةً أُخۡرَىٰ ﴿٥٥﴾

55. Mula (sa lupa) ay Aming nilikha kayo, at dito kayo ay Aming ibabalik, at dito kayo ay muli rin Naming bubuhayin.

وَلَقَدۡ أَرَيۡنَٰهُ ءَايَٰتِنَا كُلَّهَا فَكَذَّبَ وَأَبَىٰ ﴿٥٦﴾

56. At katotohanang ipinamalas Namin sa kanya (Paraon) ang lahat ng Aming mga Tanda at Katibayan, datapuwa't siya ay nagtatwa at tumanggi.

قَالَ أَجِئۡتَنَا لِتُخۡرِجَنَا مِنۡ أَرۡضِنَا بِسِحۡرِكَ يَٰمُوسَىٰ ﴿٥٧﴾

57. (Si Paraon) ay nagsabi: "Pumarito ka ba upang kami ay itaboy sa kalupaan sa pamamagitan ng iyong salamangka, O Moises?"

فَلَنَأۡتِيَنَّكَ بِسِحۡرٍ مِّثۡلِهِۦ فَٱجۡعَلۡ بَيۡنَنَا وَبَيۡنَكَ مَوۡعِدًا لَّا نُخۡلِفُهُۥ نَحۡنُ وَلَآ أَنتَ مَكَانًا سُوًى ﴿٥٨﴾

58. At katotohanang kami ay makapagsasagawa rin ng salamangka na katulad nito; kaya't magtakda ka ng pakikipagtipan para sa atin, na sinuman sa atin ay hindi makalilimot, sa isang lantad at malawak na pook na ang bawat isa ay may magkatulad na pagkakataon (na matutunghayan ng mga manonood).

قَالَ مَوۡعِدُكُمۡ يَوۡمُ ٱلزِّينَةِ وَأَن يُحۡشَرَ ٱلنَّاسُ ضُحًى ﴿٥٩﴾

59. (Si Moises) ay nagsabi: "Ang iyong takdang araw ay ang Araw ng Pagdiriwang, at hayaan ang mga tao ay magsitambad kung mataas na ang araw (tanghali na).

فَتَوَلَّىٰ فِرۡعَوۡنُ فَجَمَعَ كَيۡدَهُۥ ثُمَّ أَتَىٰ ﴿٦٠﴾

60. Kaya't si Paraon ay tumalikod (tumangging

sumampalataya); at siya ay bumuo ng kanyang balak (mga salamangkero), at matapos ay nagbalik (kay Moises).

قَالَ لَهُم مُّوسَىٰ وَيْلَكُمْ لَا تَفْتَرُوا عَلَى اللَّهِ كَذِبًا فَيُسْحِتَكُم بِعَذَابٍ ۖ وَقَدْ خَابَ مَنِ افْتَرَىٰ ﴿٦١﴾

61. Si Moises ay nagsabi sa kanila: "Ang kasawian ay sa inyo! Huwag kayong gumawa ng kasinungalingan kay Allah, baka kayo ay Kanyang ganap na pinsalain sa kaparusahan. At katotohanang siya na nagsasagawa ng kasinungalingan (laban kay Allah) ay kaaba-aba na mabibigo."

فَتَنَازَعُوا أَمْرَهُم بَيْنَهُمْ وَأَسَرُّوا النَّجْوَىٰ ﴿٦٢﴾

62. Kaya't sila ay nagsipagtalu-talo sa bawat isa kung ano ang kanilang gagawin, at inilihim nila ang kanilang pag-uusap.

قَالُوا إِنْ هَٰذَانِ لَسَاحِرَانِ يُرِيدَانِ أَن يُخْرِجَاكُم مِّنْ أَرْضِكُم بِسِحْرِهِمَا وَيَذْهَبَا بِطَرِيقَتِكُمُ الْمُثْلَىٰ ﴿٦٣﴾

63. Sila ay nagsabi: "Ang dalawang ito ay salamangkero. Ang kanilang hangarin ay upang itaboy kayo sa inyong lupain sa pamamagitan ng kanilang salamangka at gawin na mapalayo kayo sa inyong pinakahuwarang pamamaraan (alalaong baga, relihiyon o tradisyon).

فَأَجْمِعُوا كَيْدَكُمْ ثُمَّ ائْتُوا صَفًّا ۚ وَقَدْ أَفْلَحَ الْيَوْمَ مَنِ اسْتَعْلَىٰ ﴿٦٤﴾

64. Kaya't pagbutihin ang inyong balak, at magtipun-tipon kayo sa iba't ibang hanay. At sinumang magwagi sa araw na ito ay katotohanang matagumpay!"

قَالُوا يَا مُوسَىٰ إِمَّا أَن تُلْقِيَ وَإِمَّا أَن نَّكُونَ أَوَّلَ مَنْ أَلْقَىٰ ﴿٦٥﴾

65. Sila ay nagsabi: "O Moises! Maaaring ikaw ang maunang maghagis o kami ang mauunang maghagis?"

قَالَ بَلْ أَلْقُوا ۖ فَإِذَا حِبَالُهُمْ وَعِصِيُّهُمْ يُخَيَّلُ إِلَيْهِ مِن سِحْرِهِمْ أَنَّهَا تَسْعَىٰ ﴿٦٦﴾

66. (Si Moises) ay nagsabi: "Mabuti pa, kayo na ang maunang maghagis!" (At pagmasdan)! Ang kanilang mga lubid at tungkod, sa pamamagitan ng kanilang salamangka, ay nahantad sa kanila na wari bang gumagalaw (na tulad ng mga ahas).

فَأَوْجَسَ فِي نَفْسِهِ خِيفَةً مُّوسَىٰ ﴿٦٧﴾

67. Kaya't si Moises ay nagkaroon ng takot sa kanyang sarili.

قُلْنَا لَا تَخَفْ إِنَّكَ أَنتَ الْأَعْلَىٰ ﴿٦٨﴾

68. Kami (Allah) ay nagwika: "Huwag kang matakot! Katotohanang ikaw ang mangunguna.

وَأَلْقِ مَا فِي يَمِينِكَ تَلْقَفْ مَا صَنَعُوا ۖ إِنَّمَا صَنَعُوا كَيْدُ سَاحِرٍ ۖ وَلَا يُفْلِحُ السَّاحِرُ حَيْثُ أَتَىٰ ﴿٦٩﴾

69. At iyong ihagis ang nasa kanan mong kamay! Lulunukin nitong lahat ang kanilang ginawa. Ang kanilang ginawa ay panlilinlang lamang ng isang salamangkero, at ang isang salamangkero ay hindi kailanman magtatagumpay, kahit na gaano pang kaalaman ang kanilang naabot."

فَأُلْقِيَ ٱلسَّحَرَةُ سُجَّدًا قَالُوٓا۟ ءَامَنَّا بِرَبِّ هَٰرُونَ وَمُوسَىٰ ﴿٧٠﴾

70. Kaya't ang mga salamangkero ay nangayupapa na nangagpatirapa. Sila ay nagsabi: "Kami ay sumampalataya sa Panginoon ni Aaron at Moises."

قَالَ ءَامَنتُمْ لَهُۥ قَبْلَ أَنْ ءَاذَنَ لَكُمْ ۖ إِنَّهُۥ لَكَبِيرُكُمُ ٱلَّذِى عَلَّمَكُمُ ٱلسِّحْرَ ۖ فَلَأُقَطِّعَنَّ أَيْدِيَكُمْ وَأَرْجُلَكُم مِّنْ خِلَٰفٍ وَلَأُصَلِّبَنَّكُمْ فِى جُذُوعِ ٱلنَّخْلِ وَلَتَعْلَمُنَّ أَيُّنَآ أَشَدُّ عَذَابًا وَأَبْقَىٰ ﴿٧١﴾

71. (Si Paraon) ay nagsabi: "Naniwala ba kayo sa kanya (Moises), bago ko pa kayo bigyan ng pahintulot? Katotohanan! Siya (Moises) ang inyong pinuno na nagturo sa inyo ng salamangka. Kaya't walang pagsala na aking puputulin ang inyong mga kamay at paa sa magkabilang panig at katotohanang aking ibabayubay kayo sa puno ng mga palmera (datiles), at katiyakang inyong mapag-aalaman kung sino sa amin (ako [Paraon] o ang Panginoon ni Moises [Allah]), ang makapaggagawad nang matindi at higit na nagtatagal na kaparusahan."

قَالُوا۟ لَن نُّؤْثِرَكَ عَلَىٰ مَا جَآءَنَا مِنَ ٱلْبَيِّنَٰتِ وَٱلَّذِى فَطَرَنَا ۖ فَٱقْضِ مَآ أَنتَ قَاضٍ ۖ إِنَّمَا تَقْضِى هَٰذِهِ ٱلْحَيَوٰةَ ٱلدُّنْيَآ ﴿٧٢﴾

72. Sila ay nagsabi: "Kailanman ay hindi ka namin gugustuhin nang higit pa sa Maliliwanag na Tanda na dumatal sa amin at (kaysa) sa Kanya na lumikha sa amin. Kaya't iyong isagawa kung anuman ang nais mong ipatupad sa amin, sapagkat ikaw ay may kapangyarihan lamang magpatupad (ng husgado) dito sa mundo.

إِنَّآ ءَامَنَّا بِرَبِّنَا لِيَغْفِرَ لَنَا خَطَٰيَٰنَا وَمَآ أَكْرَهْتَنَا عَلَيْهِ مِنَ ٱلسِّحْرِ ۗ وَٱللَّهُ خَيْرٌ وَأَبْقَىٰٓ ﴿٧٣﴾

73. Katotohanang kami ay sumampalataya sa aming Panginoon, upang kami ay Kanyang mapatawad sa aming mga pagkakasala, at sa salamangka na iyong ipinag-utos sa amin. At si Allah ay higit na may mabuting gantimpala, at higit na nagtatagal (kung tungkol sa kaparusahan kung ihahambing laban sa iyong pagpaparusa)."

إِنَّهُۥ مَن يَأْتِ رَبَّهُۥ مُجْرِمًا فَإِنَّ لَهُۥ جَهَنَّمَ لَا يَمُوتُ فِيهَا وَلَا يَحْيَىٰ ﴿٧٤﴾

74. Katotohanan! Sinuman ang makarating sa kanyang Panginoon na (siya ay) isang *Mujrim* (kriminal, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, makasalanan, walang pananalig kay Allah at sa Kanyang Sugo), walang pagsala, sasakanya ang Impiyerno at dito siya ay hindi mamamatay o mababuhay (nang mabuti).

وَمَن يَأْتِهِۦ مُؤْمِنًا قَدْ عَمِلَ ٱلصَّٰلِحَٰتِ فَأُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمُ ٱلدَّرَجَٰتُ ٱلْعُلَىٰ ﴿٧٥﴾

75. At sinumang makarating sa Kanya (Allah) na (siya ay) isang nananampalataya, at

nagsigawa ng mga kabutihan, sasakanila ang matataas na Antas (sa Kabilang Buhay),

جَنَّٰتُ عَدْنٍ تَجْرِي مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَا ۚ وَذَٰلِكَ جَزَآءُ مَن تَزَكَّىٰ ﴿٧٦﴾

76. Walang Hanggang Halamanan (Paraiso) na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy; mananahan sila rito magpakailanman. Ito ang gantimpala sa mga nagpapadalisay sa kanilang sarili (sa pamamagitan nang pag-iwas sa lahat ng mga kasalanan at mga kasamaan na ipinagbabawal ni Allah at sa paggawa ng lahat Niyang ipinag-uutos).

وَلَقَدْ أَوْحَيْنَآ إِلَىٰ مُوسَىٰٓ أَنْ أَسْرِ بِعِبَادِى فَٱضْرِبْ لَهُمْ طَرِيقًا فِى ٱلْبَحْرِ يَبَسًا لَّا تَخَٰفُ دَرَكًا وَلَا تَخْشَىٰ ﴿٧٧﴾

77. At katotohanang Kami ay nagbigay ng inspirasyon kay Moises: "Maglakbay ka sa gabi na kasama ang Aking mga alipin, at iyong hampasin (ng iyong tungkod) ang dagat para sa kanila (at ito) ay magiging tuyong landas; ikaw ay walang dapat pangambahan na mapanaigan (ni Paraon), gayundin ay huwag kang matakot (na ikaw ay malulunod sa dagat)."

فَأَتْبَعَهُمْ فِرْعَوْنُ بِجُنُودِهِۦ فَغَشِيَهُم مِّنَ ٱلْيَمِّ مَا غَشِيَهُمْ ﴿٧٨﴾

78. At sila ay tinugis ni Paraon na kasama ang kanyang mga kabig, datapuwa't ang tubig ay ganap na tumabon at lumukob sa kanila.

وَأَضَلَّ فِرْعَوْنُ قَوْمَهُۥ وَمَا هَدَىٰ ﴿٧٩﴾

79. Si Paraon ang nagtulak sa kanyang mga tao na maligaw kaysa ang mapatnubayan sila sa tuwid na landas.

يَٰبَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ قَدْ أَنجَيْنَٰكُم مِّنْ عَدُوِّكُمْ وَوَٰعَدْنَٰكُمْ جَانِبَ ٱلطُّورِ ٱلْأَيْمَنَ وَنَزَّلْنَا عَلَيْكُمُ ٱلْمَنَّ وَٱلسَّلْوَىٰ ﴿٨٠﴾

80. O Angkan ng Israel! Aming iniligtas kayo sa inyong kaaway at Kami ay gumawa ng Kasunduan sa inyo sa kanang bahagi ng bundok ng Sinai; at ipinanaog Namin sa inyo ang *Manna*[39] (isang bagay o pagkain na katulad ng asukal na puti at kasintamis ng pulut-pukyutan) at mga pugo.

كُلُوا۟ مِن طَيِّبَٰتِ مَا رَزَقْنَٰكُمْ وَلَا تَطْغَوْا۟ فِيهِ فَيَحِلَّ عَلَيْكُمْ غَضَبِى ۖ وَمَن يَحْلِلْ عَلَيْهِ غَضَبِى فَقَدْ هَوَىٰ ﴿٨١﴾

81. Magsikain kayo ng *Tayyibat* (mababuti at mga pinahihintulutang bagay) na Aming iginawad sa inyo bilang inyong ikabubuhay, at huwag kayong magmalabis dito, baka mangyaring ang Aking poot ay bumaba sa inyo. At sa sinuman na mababaan ng Aking poot ay katotohanang maglalaho!"

وَإِنِّى لَغَفَّارٌ لِّمَن تَابَ وَءَامَنَ وَعَمِلَ صَٰلِحًا ثُمَّ ٱهْتَدَىٰ ﴿٨٢﴾

82. At katotohanang Ako ay Lagi nang Nagpapatawad ng Paulit-ulit sa kanya na nagtitika, at sumasampalataya (sa Aking Kaisahan at hindi

[39] Ang pagkain na ipinagkaloob ng Diyos sa mga tao ng Israel sa panahon ng kanilang pamamalagi sa disyerto sa loob ng 40 taon.

nag-aakibat ng mga katambal sa pagsamba sa Akin) at gumagawa ng mga kabutihan at nagpapatuloy (sa pananatili) sa patnubay.

83. "At ano ang nagtulak sa iyo upang magmadali ka na mauna sa iyong pamayanan, O Moises?"

۞ وَمَآ أَعۡجَلَكَ عَن قَوۡمِكَ يَٰمُوسَىٰ ﴿٨٣﴾

84. Siya ay nagsabi: "Sila ay malapit na sa aking mga yapak, at ako ay nagmadali sa Inyo, O aking Panginoon, upang Kayo ay mabigyan ng kasiyahan."

قَالَ هُمۡ أُوْلَآءِ عَلَىٰٓ أَثَرِي وَعَجِلۡتُ إِلَيۡكَ رَبِّ لِتَرۡضَىٰ ﴿٨٤﴾

85. Siya (Allah) ay nagwika: "Katotohanang Aming sinubukan ang iyong pamayanan nang ikaw ay wala sa kanila, at si Samiri[40] ang nagtulak sa kanila sa pagkaligaw."

قَالَ فَإِنَّا قَدۡ فَتَنَّا قَوۡمَكَ مِنۢ بَعۡدِكَ وَأَضَلَّهُمُ ٱلسَّامِرِيُّ ﴿٨٥﴾

86. At si Moises ay bumalik sa kaniyang mga tao na tigib ng galit at pighati. Siya ay nagsabi: "O aking pamayanan! Hindi baga ang inyong Panginoon ay nangako sa inyo ng isang makatuwirang pangako? Ang panahon ba (ng katuparan nito) ay lubhang matagal para sa inyo? O inyo bang ninanais na ang Poot ng inyong Panginoon ay manaog sa inyo, kaya't inyong sinira ang inyong pangako sa akin?"

فَرَجَعَ مُوسَىٰٓ إِلَىٰ قَوۡمِهِۦ غَضۡبَٰنَ أَسِفٗاۚ قَالَ يَٰقَوۡمِ أَلَمۡ يَعِدۡكُمۡ رَبُّكُمۡ وَعۡدًا حَسَنًاۚ أَفَطَالَ عَلَيۡكُمُ ٱلۡعَهۡدُ أَمۡ أَرَدتُّمۡ أَن يَحِلَّ عَلَيۡكُمۡ غَضَبٞ مِّن رَّبِّكُمۡ فَأَخۡلَفۡتُم مَّوۡعِدِي ﴿٨٦﴾

87. Sila ay nagsabi: "Hindi namin sinira ang pangako namin sa iyo ng ayon sa aming kagustuhan, datapuwa't kami ay ginawa na magpasan ng mga pabigat na mula sa mga hiyas ng mga tao (ni Paraon), kaya't aming inihagis ang mga ito (sa apoy) ayon sa mungkahi ni Samiri."

قَالُواْ مَآ أَخۡلَفۡنَا مَوۡعِدَكَ بِمَلۡكِنَا وَلَٰكِنَّا حُمِّلۡنَآ أَوۡزَارٗا مِّن زِينَةِ ٱلۡقَوۡمِ فَقَذَفۡنَٰهَا فَكَذَٰلِكَ أَلۡقَى ٱلسَّامِرِيُّ ﴿٨٧﴾

88. At kanyang nilikha mula sa hiyas (na natunaw ng apoy) ang isang bulo (batang baka) at itinambad sa kanyang pamayanan na wari bang umuunga. Sila ay nagsabi: "Ito ang inyong diyos, at diyos ni Moises, datapuwa't siya (Moises) ay nakalimot (sa kanyang diyos)!"

فَأَخۡرَجَ لَهُمۡ عِجۡلٗا جَسَدٗا لَّهُۥ خُوَارٞ فَقَالُواْ هَٰذَآ إِلَٰهُكُمۡ وَإِلَٰهُ مُوسَىٰ فَنَسِيَ ﴿٨٨﴾

89. Hindi baga nila napagmamalas na ito ay hindi makapagsasabi sa kanila ng isang salita (bilang tugon), at ito ay walang kapangyarihan na bigyan sila ng kapinsalaan o kabutihan?

أَفَلَا يَرَوۡنَ أَلَّا يَرۡجِعُ إِلَيۡهِمۡ قَوۡلٗا وَلَا يَمۡلِكُ لَهُمۡ ضَرّٗا وَلَا نَفۡعٗا ﴿٨٩﴾

---

[40] Isang mapagbalatkayo sa kanilang lipon na siyang namuno sa Angkan ng Israel tungo sa pagsamba sa mga diyus-diyosan.

90. At katotohanang si Aaron ay nagsabi noon pa sa kanila: "O aking pamayanan! Kayo ay sinusubukan dito, at katotohanan, ang inyong Panginoon (ay si Allah), ang Pinakamahabagin, kaya't ako ay sundin ninyo at tuparin ang aking pag-uutos."

وَلَقَدْ قَالَ لَهُمْ هَٰرُونُ مِن قَبْلُ يَٰقَوْمِ إِنَّمَا فُتِنتُم بِهِۦ ۖ وَإِنَّ رَبَّكُمُ ٱلرَّحْمَٰنُ فَٱتَّبِعُونِى وَأَطِيعُوٓا۟ أَمْرِى ﴿٩٠﴾

91. Sila ay nagsabi: "Kami ay hindi titigil nang pagsamba rito (ang baka) hanggang si Moises ay makabalik sa amin."

قَالُوا۟ لَن نَّبْرَحَ عَلَيْهِ عَٰكِفِينَ حَتَّىٰ يَرْجِعَ إِلَيْنَا مُوسَىٰ ﴿٩١﴾

92. (Si Moises) ay nagsabi: "O Aaron! Ano ang pumigil sa iyo nang iyong mamalas na sila ay napapaligaw;

قَالَ يَٰهَٰرُونُ مَا مَنَعَكَ إِذْ رَأَيْتَهُمْ ضَلُّوٓا۟ ﴿٩٢﴾

93. Na ako ay hindi mo sinunod (sa aking mga payo sa iyo)? Iyo bang sinuway ang aking pag-uutos?"

أَلَّا تَتَّبِعَنِ ۖ أَفَعَصَيْتَ أَمْرِى ﴿٩٣﴾

94. Siya (Aaron) ay nagsabi: "O anak (na lalaki) ng aking ina! Huwag mo akong sakmalin sa aking balbas, gayundin (sa buhok) ng aking ulo! Katotohanang ako ay nangangamba na baka ikaw ay magsabi (sa akin): "Ikaw ang nagturo ng pagkakahidwa-hidwa sa Angkan ng Israel, at ikaw ay hindi naghintay sa aking salita!"

قَالَ يَبْنَؤُمَّ لَا تَأْخُذْ بِلِحْيَتِى وَلَا بِرَأْسِىٓ ۖ إِنِّى خَشِيتُ أَن تَقُولَ فَرَّقْتَ بَيْنَ بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ وَلَمْ تَرْقُبْ قَوْلِى ﴿٩٤﴾

95. (Si Moises) ay nagsabi: "At ano ang nangyayari sa iyo, O Samiri? (bakit mo ito ginawa?).

قَالَ فَمَا خَطْبُكَ يَٰسَٰمِرِىُّ ﴿٩٥﴾

96. (Si Samiri) ay nagsabi: "Nakita ko ang hindi nila nakikita, kaya't kumuha ako ng isang dakot (ng alikabok) mula sa bakas ng Sugo (sa kabayo ni Gabriel) at inihagis ko ito (sa apoy na pinagtunawan ng mga hiyas, o sa nililok na baka). Ito ang ibinubulong sa akin ng aking sarili."

قَالَ بَصُرْتُ بِمَا لَمْ يَبْصُرُوا۟ بِهِۦ فَقَبَضْتُ قَبْضَةً مِّنْ أَثَرِ ٱلرَّسُولِ فَنَبَذْتُهَا وَكَذَٰلِكَ سَوَّلَتْ لِى نَفْسِى ﴿٩٦﴾

97. Si Moises ay nagsabi: "Kung gayon, ikaw ay humayo! At katotohanan, ang iyong (kaparusahan) sa buhay na ito, ay ikaw ay magsasabi: "Ako ay huwag ninyong salingin (alalaong baga, ikaw ay mamumuhay na mag-isa at malayo sa sangkatauhan); at katotohanang higit pa rito (ang darating na kaparusahan), ikaw ay mayroong pangako na hindi mabibigo. At iyong malasin ang iyong diyos, na sa kanya ikaw ay naging matimtimang tagasamba;

قَالَ فَٱذْهَبْ فَإِنَّ لَكَ فِى ٱلْحَيَوٰةِ أَن تَقُولَ لَا مِسَاسَ ۖ وَإِنَّ لَكَ مَوْعِدًا لَّن تُخْلَفَهُۥ ۖ وَٱنظُرْ إِلَىٰٓ إِلَٰهِكَ ٱلَّذِى ظَلْتَ عَلَيْهِ عَاكِفًا ۖ لَّنُحَرِّقَنَّهُۥ ثُمَّ لَنَنسِفَنَّهُۥ فِى ٱلْيَمِّ نَسْفًا ﴿٩٧﴾

katiyakan na Aming sisilaban ito sa naglalagablab na apoy at ikakalat ang mga bahagi nito sa dagat."

إِنَّمَآ إِلَٰهُكُمُ ٱللَّهُ ٱلَّذِى لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ۚ وَسِعَ كُلَّ شَىْءٍ عِلْمًا ﴿٩٨﴾

98. Katotohanang ang Diyos ninyong lahat ay si Allah, ang Tanging Isa; *La ilaha illa Huwa* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya). Siya ang may ganap na kaalaman sa lahat ng bagay.

كَذَٰلِكَ نَقُصُّ عَلَيْكَ مِنْ أَنۢبَآءِ مَا قَدْ سَبَقَ ۚ وَقَدْ ءَاتَيْنَٰكَ مِن لَّدُنَّا ذِكْرًا ﴿٩٩﴾

99. Sa ganito (O Muhammad) ay Aming isinalaysay sa iyo ang ilang kasaysayan na nangyari noon. At katotohanang ikaw ay pinagkalooban Namin ng isang Paala-ala (ang Qur'an) mula sa Amin.

مَّنْ أَعْرَضَ عَنْهُ فَإِنَّهُۥ يَحْمِلُ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ وِزْرًا ﴿١٠٠﴾

100. At sinumang tumalikod dito (itong Qur'an, alalaong baga, ang hindi maniwala rito at gumawa ayon sa pag-uutos nito), katotohanang siya ay magbabata ng bigat (ng mga kasalanan) sa Araw ng Muling Pagkabuhay,

خَٰلِدِينَ فِيهِ ۖ وَسَآءَ لَهُمْ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ حِمْلًا ﴿١٠١﴾

101. Mananahan sila roon sa ganoong (kalagayan, sa Apoy ng Impiyerno), at katotohanang kasamaan ang kanilang magiging dalahin sa Araw ng Muling Pagkabuhay;

يَوْمَ يُنفَخُ فِى ٱلصُّورِ ۚ وَنَحْشُرُ ٱلْمُجْرِمِينَ يَوْمَئِذٍ زُرْقًا ﴿١٠٢﴾

102. Sa Araw na ang Tambuli ay patutunugin (sa pangalawang pag-ihip); sa Araw na yaon ay Aming titipunin ang *Mujrimun* (mga kriminal, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, makasalanan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah) na bughaw ang mga mata (ang kanilang mukha ay nakangiwi sa dalamhati at pagkasindak sa Araw na yaon).

يَتَخَٰفَتُونَ بَيْنَهُمْ إِن لَّبِثْتُمْ إِلَّا عَشْرًا ﴿١٠٣﴾

103. Sa mga bulong ay magsasalita sila sa isa't isa (na nagsasabi): "Kayo ay namalagi lamang nang hindi hihigit sa sampung (araw)."

نَّحْنُ أَعْلَمُ بِمَا يَقُولُونَ إِذْ يَقُولُ أَمْثَلُهُمْ طَرِيقَةً إِن لَّبِثْتُمْ إِلَّا يَوْمًا ﴿١٠٤﴾

104. Higit Naming batid kung ano ang kanilang sasabihin, kung ang pinakamagaling sa kanila sa pangangatwiran ay magsasabi: "Kayo ay namalagi lamang nang hindi hihigit sa isang araw!"

وَيَسْـَٔلُونَكَ عَنِ ٱلْجِبَالِ فَقُلْ يَنسِفُهَا رَبِّى نَسْفًا ﴿١٠٥﴾

105. At sila ay nagtatanong sa iyo tungkol sa kabundukan; iyong ipagbadya: "Ang aking Panginoon ay magpapasabog sa kanila at Kanyang ikakalat ang mga ito bilang mga bahagi ng alikabok."

فَيَذَرُهَا قَاعًا صَفْصَفًا ﴿١٠٦﴾

106. At pagkatapos ay iiwanan Niya (ang kalupaan) na patag at makinis.

لَّا تَرَىٰ فِيهَا عِوَجًا وَلَآ أَمْتًا ﴿١٠٧﴾

107. Walang anumang baluktot o kurba ang makikita ninyo rito.

يَوْمَئِذٍ يَتَّبِعُونَ ٱلدَّاعِىَ لَا عِوَجَ لَهُۥ ۖ وَخَشَعَتِ ٱلْأَصْوَاتُ لِلرَّحْمَٰنِ فَلَا تَسْمَعُ إِلَّا هَمْسًا ﴿١٠٨﴾

108. Sa Araw na yaon, sila ay matiim na susunod (sa tinig) ng tagatawag ni Allah; at walang anumang pagkabaluktot (sa kanyang tinig). At ang lahat ng mga tinig ay mangangayupapa sa Pinakamahabagin (Allah) at wala kayong maririnig maliban sa mahinang yabag ng kanilang mga paa.

يَوْمَئِذٍ لَّا تَنفَعُ ٱلشَّفَٰعَةُ إِلَّا مَنْ أَذِنَ لَهُ ٱلرَّحْمَٰنُ وَرَضِىَ لَهُۥ قَوْلًا ﴿١٠٩﴾

109. Sa Araw na yaon ay walang pamamagitan ang mananaig, maliban sa kanya na binigyan ng kapahintulutan ng Pinakamahabagin (Allah), na ang kanyang salita ay katanggap-tanggap sa Kanya.

يَعْلَمُ مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْ وَلَا يُحِيطُونَ بِهِۦ عِلْمًا ﴿١١٠﴾

110. Batid Niya (Allah) kung ano ang nangyayari sa (Kanyang mga nilikha) sa mundong ito, at kung ano ang mangyayari sa kanila (sa Kabilang Buhay), at sila ay hindi makapagkakamit ng anuman ng Kanyang karunungan.

۞ وَعَنَتِ ٱلْوُجُوهُ لِلْحَىِّ ٱلْقَيُّومِ ۖ وَقَدْ خَابَ مَنْ حَمَلَ ظُلْمًا ﴿١١١﴾

111. At ang lahat ng mukha ay mangangayupapa sa harapan (ni Allah), *Al-Hayyul Qayyuum* (ang Namamalaging Buhay, ang Tagapanustos at Tagapangalaga ng lahat). At siya na nagdadala (ng pasanin) ng maling gawa (alalaong baga, siya na hindi sumampalataya kay Allah, nag-aakibat ng mga katambal sa Kanya, at sumusuway sa Kanya), katotohanang siya ay ganap na bigo (sa Araw na yaon).

وَمَن يَعْمَلْ مِنَ ٱلصَّٰلِحَٰتِ وَهُوَ مُؤْمِنٌ فَلَا يَخَافُ ظُلْمًا وَلَا هَضْمًا ﴿١١٢﴾

112. At siya na gumagawa ng kabutihan at may pananampalataya (sa Kaisahan ni Allah), ay walang anumang pangamba ng kapinsalaan at kawalang-katarungan, gayundin naman, hindi mababawasan (ang kanyang gantimpala).

وَكَذَٰلِكَ أَنزَلْنَٰهُ قُرْءَانًا عَرَبِيًّا وَصَرَّفْنَا فِيهِ مِنَ ٱلْوَعِيدِ لَعَلَّهُمْ يَتَّقُونَ أَوْ يُحْدِثُ لَهُمْ ذِكْرًا ﴿١١٣﴾

113. At Aming ipinanaog ang Qur'an sa (wikang) Arabik, at Aming ipinaliwanag dito nang puspusan ang mga babala (at paala-ala) upang sila ay magkaroon ng pangangamba kay Allah, o di kaya ay magbigay-silbi ito bilang aral sa kanila (sa pag-aala-ala sa Kanya).

فَتَعَٰلَى ٱللَّهُ ٱلْمَلِكُ ٱلْحَقُّ ۗ وَلَا تَعْجَلْ بِٱلْقُرْءَانِ مِن قَبْلِ أَن يُقْضَىٰٓ إِلَيْكَ

114. Kataas-taasan si Allah sa lahat! Ang Tunay na Hari! Huwag kang magmadali (O Muhammad) sa Qur'an bago pa ang pahayag ay

maganap na lahat, at ikaw ay magsabi: "O Aking Panginoon! Inyong dagdagan ang aking kaalaman!"

وَحْيُهُۥ ۖ وَقُل رَّبِّ زِدْنِى عِلْمًا ﴿١١٤﴾

115. At katotohanang Kami ay gumawa noon ng kasunduan kay Adan, datapuwa't siya ay nakalimot, at natagpuan Namin sa kanya ang kawalan niya ng kataimtiman (pagpupunyagi).

وَلَقَدْ عَهِدْنَآ إِلَىٰٓ ءَادَمَ مِن قَبْلُ فَنَسِىَ وَلَمْ نَجِدْ لَهُۥ عَزْمًا ﴿١١٥﴾

116. At alalahanin nang Aming sabihin sa mga anghel: "Magpatirapa kayo kay Adan." Nagpatirapa silang lahat maliban kay Iblis, siya ay tumanggi.

وَإِذْ قُلْنَا لِلْمَلَٰٓئِكَةِ ٱسْجُدُوا۟ لِءَادَمَ فَسَجَدُوٓا۟ إِلَّآ إِبْلِيسَ أَبَىٰ ﴿١١٦﴾

117. At Kami ay nagsabi: "O Adan! Katotohanang siya ay isang kaaway sa iyo at sa iyong asawa. Kaya't huwag ninyong hayaan na kanyang maitaboy kayo mula sa Halamanan (Paraiso) upang kayo ay magkaroon ng lumbay sa kapighatian.

فَقُلْنَا يَٰٓـَٔادَمُ إِنَّ هَٰذَا عَدُوٌّ لَّكَ وَلِزَوْجِكَ فَلَا يُخْرِجَنَّكُمَا مِنَ ٱلْجَنَّةِ فَتَشْقَىٰٓ ﴿١١٧﴾

118. Katotohanang kayo ay mayroong (pangako mula sa Amin) na kailanman ay hindi kayo magugutom dito (Paraiso) o magiging hubad.

إِنَّ لَكَ أَلَّا تَجُوعَ فِيهَا وَلَا تَعْرَىٰ ﴿١١٨﴾

119. At kayo ay hindi makararanas dito ng pagkauhaw, gayundin ng init ng sikat ng araw."

وَأَنَّكَ لَا تَظْمَؤُا۟ فِيهَا وَلَا تَضْحَىٰ ﴿١١٩﴾

120. Datapuwa't si Satanas ay bumulong sa kanya na nagsasabi: "O Adan! Ihahantong ba kita sa Puno ng Walang Hanggang Buhay at sa kaharian na hindi masisira?"

فَوَسْوَسَ إِلَيْهِ ٱلشَّيْطَٰنُ قَالَ يَٰٓـَٔادَمُ هَلْ أَدُلُّكَ عَلَىٰ شَجَرَةِ ٱلْخُلْدِ وَمُلْكٍ لَّا يَبْلَىٰ ﴿١٢٠﴾

121. Sa kalaunan, sila ay kapwa kumain (ng bunga) ng puno; at sa gayon, ang kanilang maselang bahagi (ng katawan) ay nalantad sa kanila; at sila ay nagsimulang magtagni-tagni ng mga dahon sa Halamanan bilang kanilang pantakip. Sa ganito sinuway ni Adan ang kanyang Panginoon, kaya't siya ay napaligaw sa kamalian.

فَأَكَلَا مِنْهَا فَبَدَتْ لَهُمَا سَوْءَٰتُهُمَا وَطَفِقَا يَخْصِفَانِ عَلَيْهِمَا مِن وَرَقِ ٱلْجَنَّةِ ۚ وَعَصَىٰٓ ءَادَمُ رَبَّهُۥ فَغَوَىٰ ﴿١٢١﴾

122. At pagkaraan, ang kanyang Panginoon ay humirang sa kanya. Siya (Allah) ay bumaling sa kanya sa pagpapatawad at pinagkalooban siya ng patnubay.

ثُمَّ ٱجْتَبَٰهُ رَبُّهُۥ فَتَابَ عَلَيْهِ وَهَدَىٰ ﴿١٢٢﴾

123. Siya (Allah) ay nagwika: "Magsibaba kayo kapwa (sa lupa) mula sa Halamanan nang magkasama, ang ilan sa inyo ay kaaway ng iba. At kung mayroong patnubay na dumatal sa inyo na manggagaling sa Akin, kung gayon, sinuman ang sumunod sa Aking patnubay ay hindi

قَالَ ٱهْبِطَا مِنْهَا جَمِيعًۢا ۖ بَعْضُكُمْ لِبَعْضٍ عَدُوٌّ ۖ فَإِمَّا يَأْتِيَنَّكُم مِّنِّى هُدًى فَمَنِ ٱتَّبَعَ هُدَاىَ فَلَا يَضِلُّ وَلَا يَشْقَىٰ ﴿١٢٣﴾

mapapaligaw, at gayundin naman, siya ay hindi mahuhulog sa kalumbayan (at kapighatian).

وَمَنْ أَعْرَضَ عَن ذِكْرِى فَإِنَّ لَهُۥ مَعِيشَةً ضَنكًا وَنَحْشُرُهُۥ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ أَعْمَىٰ ﴿١٢٤﴾

124. At sinumang sumuway sa Aking Paala-ala (alalaong baga, hindi naniniwala sa Qur'an at hindi sumusunod sa mga pag-uutos nito), katotohanang sasakanya ang buhay ng kahirapan at siya ay bubuhayin Naming muli na bulag sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

قَالَ رَبِّ لِمَ حَشَرْتَنِىٓ أَعْمَىٰ وَقَدْ كُنتُ بَصِيرًا ﴿١٢٥﴾

125. Siya ay magsasabi: "O aking Panginoon! Bakit ako ay Inyong binuhay na bulag, noon ay mayroon akong paningin?"

قَالَ كَذَٰلِكَ أَتَتْكَ ءَايَٰتُنَا فَنَسِيتَهَا ۖ وَكَذَٰلِكَ ٱلْيَوْمَ تُنسَىٰ ﴿١٢٦﴾

126. (Si Allah) ay magwiwika: "Noon, nang ang Aming *Ayat* (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral) ay dumatal sa iyo, ito ay iyong ipinagwalang-bahala, kaya't sa Araw na ito, ikaw ay kalilimutan (sa Apoy ng Impiyerno na malayo sa Habag ni Allah)."

وَكَذَٰلِكَ نَجْزِى مَنْ أَسْرَفَ وَلَمْ يُؤْمِنۢ بِـَٔايَٰتِ رَبِّهِۦ ۚ وَلَعَذَابُ ٱلْءَاخِرَةِ أَشَدُّ وَأَبْقَىٰٓ ﴿١٢٧﴾

127. At sa ganito Namin ginagantihan siya na nagmamalabis sa lahat ng hangganan ng pagsuway at hindi sumampalataya sa *Ayat* (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral) ng kanyang Panginoon; at ang kaparusahan ng Kabilang Buhay ay higit na kasakit-sakit at nagtatagal.

أَفَلَمْ يَهْدِ لَهُمْ كَمْ أَهْلَكْنَا قَبْلَهُم مِّنَ ٱلْقُرُونِ يَمْشُونَ فِى مَسَٰكِنِهِمْ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَٰتٍ لِّأُو۟لِى ٱلنُّهَىٰ ﴿١٢٨﴾

128. Hindi baga isang patnubay sa kanila (na mapag-alaman) kung ilan ng sali't saling lahi ang Aming winasak nang una pa sa kanila, na sa kanilang (naging) tirahan sila ay lumalakad? Katotohanan! Naririto ang mga Tanda sa mga tao na may pang-unawa.

وَلَوْلَا كَلِمَةٌ سَبَقَتْ مِن رَّبِّكَ لَكَانَ لِزَامًا وَأَجَلٌ مُّسَمًّى ﴿١٢٩﴾

129. At kung hindi lamang sa Salita na pinagpasyahan na noong una ng iyong Panginoon, gayundin (kung hindi lamang) sa natataningang panahon, ang kaparusahan ay naging isa na sanang tungkulin na kinakailangan nang isakatuparan.

فَٱصْبِرْ عَلَىٰ مَا يَقُولُونَ وَسَبِّحْ بِحَمْدِ رَبِّكَ قَبْلَ طُلُوعِ ٱلشَّمْسِ وَقَبْلَ غُرُوبِهَا ۖ وَمِنْ ءَانَآئِ ٱلَّيْلِ فَسَبِّحْ وَأَطْرَافَ ٱلنَّهَارِ لَعَلَّكَ تَرْضَىٰ ﴿١٣٠﴾

130. Kaya't maging mapagbata ka (O Muhammad) sa kanilang sinasabi, at iyong luwalhatiin ang iyong Panginoon bago ang pagsikat ng araw at bago ang paglubog ng araw, at sa kahabaan ng gabi (ay iyong ipagbunyi Siya), at sa mga dulo (pagtatapos) ng maghapon (ito ay patungkol sa limang ulit na *Salah* [takdang pagdarasal] sa bawat araw), upang ikaw ay masiyahan.

وَلَا تَمُدَّنَّ عَيْنَيْكَ إِلَىٰ مَا مَتَّعْنَا بِهِۦٓ أَزْوَٰجًا مِّنْهُمْ زَهْرَةَ ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا لِنَفْتِنَهُمْ فِيهِ ۚ وَرِزْقُ رَبِّكَ خَيْرٌ وَأَبْقَىٰ ﴿١٣١﴾

131. At huwag mong palampasin ang iyong mga mata (sa pagnanasa) tungo sa mga bagay na Aming binigyan ng kasayahan sa (ilang) pangkat nila (sila na mga hindi sumasampalataya sa Kaisahan ni Allah at mapagsamba sa mga diyus-diyosan), [ito ay isa lamang] karilagan ng makamundong buhay na sa pamamagitan nito ay Aming sinusubukan sila. Datapuwa't ang biyayang nakalaan (gantimpala sa Kabilang Buhay) mula sa iyong Panginoon ay higit na mainam at nagtatagal.

وَأْمُرْ أَهْلَكَ بِٱلصَّلَوٰةِ وَٱصْطَبِرْ عَلَيْهَا ۖ لَا نَسْـَٔلُكَ رِزْقًا ۖ نَّحْنُ نَرْزُقُكَ ۗ وَٱلْعَٰقِبَةُ لِلتَّقْوَىٰ ﴿١٣٢﴾

132. At iyong itagubilin ang pagdarasal sa iyong pamilya, at maging matimtiman (sa pag-aalay ng *Salah* [takdang pagdarasal]). Walang anuman na laang panustos ang Aming hinihingi sa iyo. Kami ang magkakaloob nito sa iyo. At ang mabuting hantungan (ang Paraiso) ay para sa *Muttaqun* (mga matimtiman at matutuwid na mananampalataya kay Allah).

وَقَالُوا۟ لَوْلَا يَأْتِينَا بِـَٔايَةٍ مِّن رَّبِّهِۦٓ ۚ أَوَلَمْ تَأْتِهِم بَيِّنَةُ مَا فِى ٱلصُّحُفِ ٱلْأُولَىٰ ﴿١٣٣﴾

133. Sila ay nagsasabi: "Bakit hindi siya nagdala sa amin ng isang Tanda (Katibayan) mula sa kanyang Panginoon?" Hindi baga dumatal na sa kanilang lahat ang maliwanag na Katibayan (na nasusulat) sa mga naunang Aklat ng Kapahayagan (alalaong baga, ang *Torah* [mga Batas], ang Ebanghelyo hinggil sa pagdatal ni Propeta Muhammad)?

وَلَوْ أَنَّآ أَهْلَكْنَٰهُم بِعَذَابٍ مِّن قَبْلِهِۦ لَقَالُوا۟ رَبَّنَا لَوْلَآ أَرْسَلْتَ إِلَيْنَا رَسُولًا فَنَتَّبِعَ ءَايَٰتِكَ مِن قَبْلِ أَن نَّذِلَّ وَنَخْزَىٰ ﴿١٣٤﴾

134. At kung sila ay winasak Namin sa kaparusahan bago pa rito (alalaong baga, kay Propeta Muhammad at sa Qur'an), katiyakan na kanilang sasabihin: "O aming Panginoon! Kung Kayo ay nagsugo lamang sa amin ng isang Sugo, walang pagsala na kami ay susunod sa Inyong *Ayat* (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral) bago pa kami abahin at ilagay sa kahihiyan."

قُلْ كُلٌّ مُّتَرَبِّصٌ فَتَرَبَّصُوا۟ ۖ فَسَتَعْلَمُونَ مَنْ أَصْحَٰبُ ٱلصِّرَٰطِ ٱلسَّوِىِّ وَمَنِ ٱهْتَدَىٰ ﴿١٣٥﴾

135. Ipagbadya (O Muhammad): "Ang bawat isa sa atin (mga sumasampalataya at hindi sumasampalataya) ay naghihintay, kaya't magsipaghintay din kayo. Hindi magtatagal at inyong mapag-aalaman kung sino ang nasa matuwid na landas (alalaong baga, ang nasa Islam) at kung sino ang tumanggap ng patnubay.'



Surah 21

Surat Al-Anbiyā'
(Ang Mga Propeta)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

اقْتَرَبَ لِلنَّاسِ حِسَابُهُمْ وَهُمْ فِي غَفْلَةٍ مُّعْرِضُونَ ﴿١﴾

1. Papalapit na nang papalapit ang sangkatauhan sa kanilang pagsusulit habang sila (ay patuloy) sa hindi pagtalima (sa pag-uutos) at tumatalikod.

مَا يَأْتِيهِم مِّن ذِكْرٍ مِّن رَّبِّهِم مُّحْدَثٍ إِلَّا اسْتَمَعُوهُ وَهُمْ يَلْعَبُونَ ﴿٢﴾

2. Walang bagong paala-ala (kapahayagan) na dumatal mula sa kanilang Panginoon ang hindi nila pinakinggan, ngunit sila ay naglalaro lamang (na nagkakatuwaan),

لَاهِيَةً قُلُوبُهُمْ ۗ وَأَسَرُّوا النَّجْوَى الَّذِينَ ظَلَمُوا هَلْ هَٰذَا إِلَّا بَشَرٌ مِّثْلُكُمْ ۖ أَفَتَأْتُونَ السِّحْرَ وَأَنتُمْ تُبْصِرُونَ ﴿٣﴾

3. Na ang kanilang puso ay walang pag-iintindi (sa mga tagubilin ng Qur'an). At sila na gumagawa ng kamalian ay naglilingid ng kanilang pag-uusap (na nagsasabi): "Siya ba (Propeta Muhammad) ay higit pa sa isang tao na katulad ninyo? Kayo ba ay lumalapit sa salamangka samantalang nababatid ninyo (ito)?"

قَالَ رَبِّي يَعْلَمُ الْقَوْلَ فِي السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ ۖ وَهُوَ السَّمِيعُ الْعَلِيمُ ﴿٤﴾

4. Siya (Muhammad) ay nagsabi: "Ang aking Panginoon ay nakababatid (ng lahat) ng mga salita (na ipinangungusap) sa kalangitan at kalupaan. At Siya ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam."

بَلْ قَالُوا أَضْغَاثُ أَحْلَامٍ بَلِ افْتَرَاهُ بَلْ هُوَ شَاعِرٌ فَلْيَأْتِنَا بِآيَةٍ كَمَا أُرْسِلَ الْأَوَّلُونَ ﴿٥﴾

5. Datapuwa't sila ay nagsasabi: "Ang mga (kapahayagang ito sa Qur'an na ipinadala kay Muhammad) ay mga pinaghalu-halo lamang na panaginip ng kasinungalingan! Hindi, kinatha lamang niya ito! Hindi, siya ay isang makata! Hayaang dalhin niya sa atin ang isang *Ayat* (Tanda bilang isang Katibayan) na katulad niyaong (mga Himala na ibinigay sa mga Propeta) na ipinadala noong pang una!"

مَا آمَنَتْ قَبْلَهُم مِّن قَرْيَةٍ أَهْلَكْنَاهَا ۖ أَفَهُمْ يُؤْمِنُونَ ﴿٦﴾

6. Wala isa man sa mga bayan (pamayanan) na Aming winasak ang nagsisampalataya sa kanila noon (bagama't Aming pinadalhan sila ng mga

Tanda), sila (mga Quraish sa Makkah) ba ay magsisipaniwala pa?

7. At hindi Kami nagsugo (O Muhammad) bago pa sa iyo ng ibang (mga propeta) maliban na mga tao na katulad mo na Aming binigyan ng inspirasyon, kaya't inyong tanungin ang mga tao ng naunang Kasulatan (ang *Torah* [mga Batas], ang Ebanghelyo), kung ito ay hindi ninyo nababatid.

وَمَآ أَرۡسَلۡنَا قَبۡلَكَ إِلَّا رِجَالٗا نُّوحِيٓ إِلَيۡهِمۡۖ فَسۡـَٔلُوٓاْ أَهۡلَ ٱلذِّكۡرِ إِن كُنتُمۡ لَا تَعۡلَمُونَ ٧

8. At hindi Namin nilikha sila (ang mga Sugo) na may katawang hindi kumakain ng pagkain, gayundin, na sila ay walang kamatayan.

وَمَا جَعَلۡنَٰهُمۡ جَسَدٗا لَّا يَأۡكُلُونَ ٱلطَّعَامَ وَمَا كَانُواْ خَٰلِدِينَ ٨

9. Pagkatapos, ay tinupad Namin sa kanila ang pangako, at Aming iniligtas sila at yaong Aming napusuan, at Aming winasak ang *Musrifun* (alalaong baga, mga hindi sumasampalataya kay Allah at hindi naniniwala sa Kanyang mga Sugo; maluluho at mapag-aksaya, mapaglabag, mapaniil, mapagsamba sa diyus-diyosan at makasalanan).

ثُمَّ صَدَقۡنَٰهُمُ ٱلۡوَعۡدَ فَأَنجَيۡنَٰهُمۡ وَمَن نَّشَآءُ وَأَهۡلَكۡنَا ٱلۡمُسۡرِفِينَ ٩

10. Katotohanang Aming ipinadala sa inyo (O sangkatauhan) ang isang Aklat (ang Qur'an), na naglalaman ng paala-ala sa inyo (o isang karangalan sa inyo). Hindi baga kayo makakaunawa?

لَقَدۡ أَنزَلۡنَآ إِلَيۡكُمۡ كِتَٰبٗا فِيهِ ذِكۡرُكُمۡۖ أَفَلَا تَعۡقِلُونَ ١٠

11. Ilan na bang mga bayan (pamayanan) na mapaggawa ng kamalian ang Aming winasak, at pinalitan Namin ng ibang mga tao pagkaraan nila!

وَكَمۡ قَصَمۡنَا مِن قَرۡيَةٖ كَانَتۡ ظَالِمَةٗ وَأَنشَأۡنَا بَعۡدَهَا قَوۡمًا ءَاخَرِينَ ١١

12. Kaya't nang mapagtanto (mamalas) nila ang Aming Kaparusahan (na dumarating), sila ay nagtangka na tumakas dito.

فَلَمَّآ أَحَسُّواْ بَأۡسَنَآ إِذَا هُم مِّنۡهَا يَرۡكُضُونَ ١٢

13. Huwag kayong tumalilis, datapuwa't magsibalik kayo sa dating lugar kung saan kayo namumuhay nang marangya, at sa inyong mga tahanan, upang kayo ay mabigyan ng katanungan.

لَا تَرۡكُضُواْ وَٱرۡجِعُوٓاْ إِلَىٰ مَآ أُتۡرِفۡتُمۡ فِيهِ وَمَسَٰكِنِكُمۡ لَعَلَّكُمۡ تُسۡـَٔلُونَ ١٣

14. Sila ay nagsihibik: "Kasawian sa amin! Katotohanang kami ay naging *Zalimun* (mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian at walang paniniwala sa Kaisahan ni Allah)."

قَالُواْ يَٰوَيۡلَنَآ إِنَّا كُنَّا ظَٰلِمِينَ ١٤

15. At habang ganyan ang kanilang pananaghoy; hanggang sa ginawa Namin sila na animo'y bukiring ginapas, na nawalan ng sigla (patay).

فَمَا زَالَت تِّلۡكَ دَعۡوَىٰهُمۡ حَتَّىٰ جَعَلۡنَٰهُمۡ حَصِيدًا خَٰمِدِينَ ١٥

16. Hindi Namin nilikha ang kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito bilang (isa lamang) paglalaro.

وَمَا خَلَقْنَا ٱلسَّمَآءَ وَٱلْأَرْضَ وَمَا بَيْنَهُمَا لَٰعِبِينَ ﴿١٦﴾

17. Kung Kami ay nagnais na magpalipas lamang ng oras (alalaong baga, tulad ng asawa o anak), ay walang pagsala na makakamtan Namin ang mga ito mula sa pinakamalalapit sa Amin, kung Kami ay may layunin na gawin (ang gayong bagay)!

لَوْ أَرَدْنَآ أَن نَّتَّخِذَ لَهْوًا لَّٱتَّخَذْنَٰهُ مِن لَّدُنَّآ إِن كُنَّا فَٰعِلِينَ ﴿١٧﴾

18. Datapuwa't Aming ipinukol ang Katotohanan (ang Qur'an) laban sa kabulaanan (kawalan ng pananampalataya), kaya't ito ang nagwasak dito, at pagmasdan, ito (ang kabulaanan) ay naglaho. At kasawian sa inyo (sa gayong kasinungalingan) na inyong ikinukulapol (laban kay Allah sa pagsasabi na Siya ay may asawa at anak).

بَلْ نَقْذِفُ بِٱلْحَقِّ عَلَى ٱلْبَٰطِلِ فَيَدْمَغُهُۥ فَإِذَا هُوَ زَاهِقٌ ۚ وَلَكُمُ ٱلْوَيْلُ مِمَّا تَصِفُونَ ﴿١٨﴾

19. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng anupamang nasa kalangitan at kalupaan. At yaong mga malalapit sa Kanya (tulad ng mga anghel) ay hindi lubhang mga palalo sa pagsamba sa Kanya, gayundin, sila ay hindi nagsasawa (sa pagsamba sa Kanya).

وَلَهُۥ مَن فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ وَمَنْ عِندَهُۥ لَا يَسْتَكْبِرُونَ عَنْ عِبَادَتِهِۦ وَلَا يَسْتَحْسِرُونَ ﴿١٩﴾

20. Sila (ang mga anghel) ay lumuluwalhati ng Kanyang mga Papuri sa gabi at araw, at sila ay hindi lumulubay.

يُسَبِّحُونَ ٱلَّيْلَ وَٱلنَّهَارَ لَا يَفْتُرُونَ ﴿٢٠﴾

21. O sila ba ay nagturing ng iba pang mga diyos (upang sambahin) sa kalupaan na bumubuhay ng patay?

أَمِ ٱتَّخَذُوٓا۟ ءَالِهَةً مِّنَ ٱلْأَرْضِ هُمْ يُنشِرُونَ ﴿٢١﴾

22. Kung nagkaroon man dito (sa kalangitan at kalupaan) ng iba pang mga diyos maliban kay Allah, kung gayon, katotohanang ang mga ito (ang kalangitan at kalupaan) ay kapwa mawawasak. Luwalhatiin si Allah, ang Panginoon ng *'Arsh* (Trono o Luklukan), (higit Siyang Mataas) sa lahat ng mga itinatambal nila sa Kanya!

لَوْ كَانَ فِيهِمَآ ءَالِهَةٌ إِلَّا ٱللَّهُ لَفَسَدَتَا ۚ فَسُبْحَٰنَ ٱللَّهِ رَبِّ ٱلْعَرْشِ عَمَّا يَصِفُونَ ﴿٢٢﴾

23. Siya (Allah) ay hindi maaaring tanungin sa Kanyang ginagawa, samantalang sila (ang mga nilikha) ang tatanungin.

لَا يُسْـَٔلُ عَمَّا يَفْعَلُ وَهُمْ يُسْـَٔلُونَ ﴿٢٣﴾

24. O nagturing ba sila ng iba pang mga diyos upang sambahin maliban sa Kanya? Ipagbadya

أَمِ ٱتَّخَذُوا۟ مِن دُونِهِۦٓ ءَالِهَةً ۖ قُلْ هَاتُوا۟

(O Muhammad): "Dalhin ninyo ang inyong katibayan." Ito (ang Qur'an) ay isang Paala-ala sa mga sumusunod sa akin at gayundin (ay isang Paala-ala) sa mga nangauna sa akin. Datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi nakababatid ng Katotohanan, kaya sila ay umaayaw.

بُرْهَٰنَكُمْ ۖ هَٰذَا ذِكْرُ مَن مَّعِيَ وَذِكْرُ مَن قَبْلِي ۗ بَلْ أَكْثَرُهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ٱلْحَقَّ ۖ فَهُم مُّعْرِضُونَ ﴿٢٤﴾

25. At hindi Namin isinugo ang sinumang Sugo bago pa sa iyo (O Muhammad) na hindi Namin binigyan ng inspirasyon (na magsabi) ng: "*La ilaha illa Ana* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Akin [Allah]), kaya't sambahin Ako (ng Tangi at wala ng iba)."

وَمَآ أَرْسَلْنَا مِن قَبْلِكَ مِن رَّسُولٍ إِلَّا نُوحِيٓ إِلَيْهِ أَنَّهُۥ لَآ إِلَٰهَ إِلَّآ أَنَا۠ فَٱعْبُدُونِ ﴿٢٥﴾

26. At sila ay nagsisipagturing: "Ang Pinakamahabagin (Allah) ay nagkaroon ng anak na lalaki (o mga supling)." Luwalhatiin Siya! Sila (na tinatawag nilang mga anak ni Allah tulad ng mga anghel, si Hesus na anak ni Maria, si Ezra) ay mararangal na alipin lamang.

وَقَالُوا۟ ٱتَّخَذَ ٱلرَّحْمَٰنُ وَلَدًا سُبْحَٰنَهُۥ ۚ بَلْ عِبَادٌ مُّكْرَمُونَ ﴿٢٦﴾

27. Sila ay hindi nangungusap hanggang Siya ay hindi pa nakapangungusap, at sila ay gumagawa ayon sa Kanyang pag-uutos.

لَا يَسْبِقُونَهُۥ بِٱلْقَوْلِ وَهُم بِأَمْرِهِۦ يَعْمَلُونَ ﴿٢٧﴾

28. Talastas Niya kung ano ang nasa harapan nila, at kung ano ang nasa likuran nila, at sila ay hindi makakapamagitan maliban sa kanya na Kanyang naibigan. At sila ay naging maingat (matimtiman) dahil sa pangangamba sa Kanya.

يَعْلَمُ مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْ وَلَا يَشْفَعُونَ إِلَّا لِمَنِ ٱرْتَضَىٰ وَهُم مِّنْ خَشْيَتِهِۦ مُشْفِقُونَ ﴿٢٨﴾

29. At sinuman sa kanila ang magsabi: "Katotohanang ako ang diyos liban pa sa Kanya (Allah)," siya ay Aming gagantihan ng Impiyerno. Kaya't sa ganito Namin bibigyang-ganti ang *Zalimun* (mapagsamba sa mga diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian).

۞ وَمَن يَقُلْ مِنْهُمْ إِنِّىٓ إِلَٰهٌ مِّن دُونِهِۦ فَذَٰلِكَ نَجْزِيهِ جَهَنَّمَ ۚ كَذَٰلِكَ نَجْزِى ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٢٩﴾

30. Hindi baga napagmalas ng mga hindi sumasampalataya na ang kalangitan at kalupaan ay magkadikit noon bilang magkabuklod na piraso, at saka Namin pinaghiwalay yaon? At nilikha Namin mula sa tubig ang lahat ng nabubuhay na bagay. Hindi baga sila mananampalataya?

أَوَلَمْ يَرَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ أَنَّ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ كَانَتَا رَتْقًا فَفَتَقْنَٰهُمَا ۖ وَجَعَلْنَا مِنَ ٱلْمَآءِ كُلَّ شَىْءٍ حَىٍّ ۖ أَفَلَا يُؤْمِنُونَ ﴿٣٠﴾

31. At inilagay Namin sa kalupaan ang matatatag na kabundukan, (kung hindi)

وَجَعَلْنَا فِى ٱلْأَرْضِ رَوَٰسِىَ أَن تَمِيدَ بِهِمْ

maaaring ito ay mauga (o gumiwang) na kasama nila, at inilagay Namin ang maluluwang na daan (para sa kanila) upang sila ay mapatnubayan.

وَجَعَلْنَا فِيهَا فِجَاجًا سُبُلًا لَّعَلَّهُمْ يَهْتَدُونَ ﴿٣١﴾

32. At ginawa Namin ang kalangitan na isang bubungan, na ligtas at ganap na nababantayan. Datapuwa't sila ay tumatalikod (alalaong baga, ayaw umunawa) sa mga Tanda (tulad ng araw, buwan, hangin, ulap) nito.

وَجَعَلْنَا ٱلسَّمَآءَ سَقْفًا مَّحْفُوظًا ۖ وَهُمْ عَنْ ءَايَٰتِهَا مُعْرِضُونَ ﴿٣٢﴾

33. At Siya ang lumikha ng gabi at ng maghapon, at ng araw at ng buwan, ang bawa't isa ay nasa orbito (pag-inog) na lumulutang.

وَهُوَ ٱلَّذِى خَلَقَ ٱلَّيْلَ وَٱلنَّهَارَ وَٱلشَّمْسَ وَٱلْقَمَرَ ۖ كُلٌّ فِى فَلَكٍ يَسْبَحُونَ ﴿٣٣﴾

34. At hindi Namin ipinagkaloob sa sinumang tao ang imortalidad (kawalan ng kamatayan) maging noong una pa sa iyo (O Muhammad), kaya't kung ikaw ay mamatay, sila ba ay mababuhay nang walang hanggan?

وَمَا جَعَلْنَا لِبَشَرٍ مِّن قَبْلِكَ ٱلْخُلْدَ ۖ أَفَإِين مِّتَّ فَهُمُ ٱلْخَٰلِدُونَ ﴿٣٤﴾

35. Ang bawat tao (kaluluwa) ay makakalasap ng kamatayan, at kayo ay Aming susubukan sa kasamaan at kabutihan, at kayo sa Amin ay ibabalik.

كُلُّ نَفْسٍ ذَآئِقَةُ ٱلْمَوْتِ ۗ وَنَبْلُوكُم بِٱلشَّرِّ وَٱلْخَيْرِ فِتْنَةً ۖ وَإِلَيْنَا تُرْجَعُونَ ﴿٣٥﴾

36. At kung ang mga hindi sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) ay makita ka (O Muhammad), ikaw ay hindi nila pinapansin maliban na ikaw ay libakin na nagsasabi: "Siya ba (Muhammad) ang nagsasabi ng masama tungkol sa inyong mga diyos?" At sila ay lumalapastangan (hindi naniniwala) kapag nababanggit ang Pinakamahabagin (Allah)!

وَإِذَا رَءَاكَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ إِن يَتَّخِذُونَكَ إِلَّا هُزُوًا أَهَٰذَا ٱلَّذِى يَذْكُرُ ءَالِهَتَكُمْ وَهُم بِذِكْرِ ٱلرَّحْمَٰنِ هُمْ كَٰفِرُونَ ﴿٣٦﴾

37. Ang tao ay nilikha na nagmamadali, ipapakita Ko sa inyo ang Aking *Ayat* (parusa, mga katibayan, talata, aral, tanda, atbp.). Kaya't huwag ninyong hilingin na Aking madaliin (ang mga ito).

خُلِقَ ٱلْإِنسَٰنُ مِنْ عَجَلٍ ۚ سَأُو۟رِيكُمْ ءَايَٰتِى فَلَا تَسْتَعْجِلُونِ ﴿٣٧﴾

38. At sila ay nagsasabi: "Kailan baga ang pangakong ito (ay mangyayari), kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan?"

وَيَقُولُونَ مَتَىٰ هَٰذَا ٱلْوَعْدُ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿٣٨﴾

39. Kung ang mga hindi sumasampalataya ay nakakaalam lamang sa sandaling hindi nila maitataboy ang Apoy sa kanilang mukha, gayundin sa kanilang likuran, at sila ay hindi matutulungan.

لَوْ يَعْلَمُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ حِينَ لَا يَكُفُّونَ عَن وُجُوهِهِمُ ٱلنَّارَ وَلَا عَن ظُهُورِهِمْ وَلَا هُمْ يُنصَرُونَ ﴿٣٩﴾

40. Datapuwa't ito (ang parusa ng Apoy o ang Araw ng Muling Pagkabuhay) ay daratal sa kanilang lahat nang kaginsa-ginsa at sila ay magugulumihanan, at sila ay walang kapangyarihan na hadlangan ito, gayundin sila ay hindi magkakamit ng palugit.

بَلْ تَأْتِيهِم بَغْتَةً فَتَبْهَتُهُمْ فَلَا يَسْتَطِيعُونَ رَدَّهَا وَلَا هُمْ يُنظَرُونَ ﴿٤٠﴾

41. Katotohanang (maraming) mga Sugo ang nilibak nang una pa sa iyo (O Muhammad), datapuwa't ang kanilang mga mapanuya ay napapaligiran ng gayong bagay na kanilang tinutudyo.

وَلَقَدِ ٱسْتُهْزِئَ بِرُسُلٍ مِّن قَبْلِكَ فَحَاقَ بِٱلَّذِينَ سَخِرُوا۟ مِنْهُم مَّا كَانُوا۟ بِهِۦ يَسْتَهْزِءُونَ ﴿٤١﴾

42. Ipagbadya: "Sino kaya baga ang makapangangalaga sa inyo sa gabi o sa araw (sa kaparusahan) ng Pinakamahabagin (Allah)? Hindi, subalit sila ay nagsitalikod sa pag-aalaala sa kanilang Panginoon.

قُلْ مَن يَكْلَؤُكُم بِٱلَّيْلِ وَٱلنَّهَارِ مِنَ ٱلرَّحْمَٰنِ ۗ بَلْ هُمْ عَن ذِكْرِ رَبِّهِم مُّعْرِضُونَ ﴿٤٢﴾

43. O sila kaya ay may mga diyos na makapangangalaga sa kanila laban sa Amin? Sila ay walang kapangyarihan upang tulungan ang kanilang sarili, gayundin sila ay hindi mapapangalagaan laban sa Amin (alalaong baga, sa Aming parusa).

أَمْ لَهُمْ ءَالِهَةٌ تَمْنَعُهُم مِّن دُونِنَا ۚ لَا يَسْتَطِيعُونَ نَصْرَ أَنفُسِهِمْ وَلَا هُم مِّنَّا يُصْحَبُونَ ﴿٤٣﴾

44. Datapuwa't Aming ipinagkaloob ang mga karangyaan sa buhay na ito sa gayong mga tao (mga walang pananampalataya) at sa kanilang mga ninuno hanggang ang buhay ay pinahaba para sa kanila. Hindi baga nila namamalas na unti-unti Naming binabawasan ang kalupaan (na nasa kanilang pamamahala) mula sa malalawak na hangganan? Sila baga ang mangingibabaw?

بَلْ مَتَّعْنَا هَٰٓؤُلَآءِ وَءَابَآءَهُمْ حَتَّىٰ طَالَ عَلَيْهِمُ ٱلْعُمُرُ ۗ أَفَلَا يَرَوْنَ أَنَّا نَأْتِى ٱلْأَرْضَ نَنقُصُهَا مِنْ أَطْرَافِهَآ ۚ أَفَهُمُ ٱلْغَٰلِبُونَ ﴿٤٤﴾

45. Ipagbadya (O Muhammad): "Aking binibigyang-babala lamang kayo sa pamamagitan ng kapahayagan (ni Allah at hindi ng sariling kuru-kuro ng mga pantas). Datapuwa't ang bingi (na sumunod sa bulag na pagtuturo ng iba at ng mga pantas) ay hindi makakarinig sa panawagan, (kahit na) sila ay paalalahanan (alalaong baga, sinuman ay marapat na sumunod lamang sa Qur'an at *Sunnah*, mga pamamaraan, gawa at pagsamba mula sa pahayag ni Propeta Muhammad at ng kanyang mga Kasamahan).

قُلْ إِنَّمَآ أُنذِرُكُم بِٱلْوَحْىِ ۚ وَلَا يَسْمَعُ ٱلصُّمُّ ٱلدُّعَآءَ إِذَا مَا يُنذَرُونَ ﴿٤٥﴾

وَلَئِن مَّسَّتْهُمْ نَفْحَةٌ مِّنْ عَذَابِ رَبِّكَ لَيَقُولُنَّ يَٰوَيْلَنَآ إِنَّا كُنَّا ظَٰلِمِينَ ﴿٤٦﴾

46. At kung ang isang hibla (maliit na kapinsalaan) ng Kaparusahan ng inyong Panginoon ay sumaling sa kanila, katiyakang sila ay mananaghoy: "Sa aba namin!" Katotohanang kami ay naging *Zalimun* (mapagsamba sa mga diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian).

وَنَضَعُ ٱلْمَوَٰزِينَ ٱلْقِسْطَ لِيَوْمِ ٱلْقِيَٰمَةِ فَلَا تُظْلَمُ نَفْسٌ شَيْـًٔا ۖ وَإِن كَانَ مِثْقَالَ حَبَّةٍ مِّنْ خَرْدَلٍ أَتَيْنَا بِهَا ۗ وَكَفَىٰ بِنَا حَٰسِبِينَ ﴿٤٧﴾

47. At itatatag Namin ang timbangan ng katarungan sa Araw ng Muling Pagkabuhay, kaya't walang sinuman ang tuturingan ng kawalang-katarungan sa lahat ng bagay. At kung mayroon mang (gawa) na katulad ng bigat ng isang buto ng mustasa, ito ay Aming itatambad. At Kami ay Sapat na bilang Tagapagsulit.

وَلَقَدْ ءَاتَيْنَا مُوسَىٰ وَهَٰرُونَ ٱلْفُرْقَانَ وَضِيَآءً وَذِكْرًا لِّلْمُتَّقِينَ ﴿٤٨﴾

48. At katotohanang ipinagkaloob Namin kay Moises at Aaron ang Pamantayan ng (tama at mali), at isang nagluluningning na Liwanag (alalaong baga, ang *Torah* [mga Batas]), at isang Paala-ala sa *Muttaqun* (mga matimtiman at matutuwid na mananampalataya).

ٱلَّذِينَ يَخْشَوْنَ رَبَّهُم بِٱلْغَيْبِ وَهُم مِّنَ ٱلسَّاعَةِ مُشْفِقُونَ ﴿٤٩﴾

49. Sila na may pagkatakot sa kanilang Panginoon kahit na Siya ay hindi nakikita, habang sila ay nangangamba sa Oras (katapusan ng mundo).

وَهَٰذَا ذِكْرٌ مُّبَارَكٌ أَنزَلْنَٰهُ ۚ أَفَأَنتُمْ لَهُۥ مُنكِرُونَ ﴿٥٠﴾

50. At ito ang pinagpalang Paala-ala (ang Qur'an) na Aming ipinanaog, kayo baga ay (hahamon) na itakwil ito?

۞ وَلَقَدْ ءَاتَيْنَآ إِبْرَٰهِيمَ رُشْدَهُۥ مِن قَبْلُ وَكُنَّا بِهِۦ عَٰلِمِينَ ﴿٥١﴾

51. At katotohanan, noong pang una ay Aming ipinagkaloob kay Abraham ang kanyang (bahagi) ng patnubay, at Kami ang Lubos na Nakatatalos sa kanya (tungkol sa kanyang paniniwala sa Kaisahan ni Allah).

إِذْ قَالَ لِأَبِيهِ وَقَوْمِهِۦ مَا هَٰذِهِ ٱلتَّمَاثِيلُ ٱلَّتِىٓ أَنتُمْ لَهَا عَٰكِفُونَ ﴿٥٢﴾

52. Nang kanyang ipagturing sa kanyang ama at sa kanyang pamayanan: "Ano ang mga imahen (na ito) na inyong pinagsisilbihan (sinasamba)?"

قَالُوا۟ وَجَدْنَآ ءَابَآءَنَا لَهَا عَٰبِدِينَ ﴿٥٣﴾

53. Sila ay nagsabi: "Nakagisnan na namin ang aming mga ninuno na sumasamba sa kanila."

قَالَ لَقَدْ كُنتُمْ أَنتُمْ وَءَابَآؤُكُمْ فِى ضَلَٰلٍ مُّبِينٍ ﴿٥٤﴾

54. Siya (Abraham) ay nagsabi: "Katotohanang kayo at ang inyong mga ninuno ay nasa maliwanag na kamalian."

قَالُوٓا۟ أَجِئْتَنَا بِٱلْحَقِّ أَمْ أَنتَ مِنَ ٱللَّٰعِبِينَ ﴿٥٥﴾

55. Sila ay nagsabi: "Dinala mo ba sa amin ang

Katotohanan, o ikaw ay isa sa mga nagtatawa (tungkol sa pagsamba sa mga imahen)?"

56. Siya ay nagsabi: "Ngunit ang inyong Panginoon ay Siyang Panginoon ng kalangitan at kalupaan na lumikha sa mga ito, at ako ay isa sa mga Saksi sa gayong bagay.

قَالَ بَل رَّبُّكُمْ رَبُّ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ٱلَّذِى فَطَرَهُنَّ وَأَنَا۠ عَلَىٰ ذَٰلِكُم مِّنَ ٱلشَّٰهِدِينَ ﴿٥٦﴾

57. "At ako (Abraham) ay nanunumpa kay Allah, katotohanang ako ay magbabalak ng isang plano (upang wasakin) ang inyong mga diyus-diyosan (imahen) matapos na kayo ay umalis at magsitalikod."

وَتَٱللَّهِ لَأَكِيدَنَّ أَصْنَٰمَكُم بَعْدَ أَن تُوَلُّوا۟ مُدْبِرِينَ ﴿٥٧﴾

58. Kaya't winasak niya ito (mga imahen) sa maraming piraso, (ang lahat-lahat) maliban lamang sa pinakamalaki sa mga ito, upang sila ay makapansin dito.

فَجَعَلَهُمْ جُذَٰذًا إِلَّا كَبِيرًا لَّهُمْ لَعَلَّهُمْ إِلَيْهِ يَرْجِعُونَ ﴿٥٨﴾

59. Sila ay nagsabi: "Sino ang gumawa nito sa aming mga diyos? Katiyakang siya ay isa sa mga mapaggawa ng kamalian."

قَالُوا۟ مَن فَعَلَ هَٰذَا بِـَٔالِهَتِنَآ إِنَّهُۥ لَمِنَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٥٩﴾

60. Sila ay nagsabi: "Narinig namin ang isang binata na nagsasabi (ng laban) sa mga ito (imahen) na ang pangalan ay Abraham."

قَالُوا۟ سَمِعْنَا فَتًى يَذْكُرُهُمْ يُقَالُ لَهُۥٓ إِبْرَٰهِيمُ ﴿٦٠﴾

61. Sila ay nagsabi: "Kung gayon, dalhin siya sa harap ng paningin ng mga tao, upang sila ay magsisaksi."

قَالُوا۟ فَأْتُوا۟ بِهِۦ عَلَىٰٓ أَعْيُنِ ٱلنَّاسِ لَعَلَّهُمْ يَشْهَدُونَ ﴿٦١﴾

62. Sila ay nagsabi: "Ikaw nga ba O Abraham, ang gumawa nito sa aming mga diyos?"

قَالُوٓا۟ ءَأَنتَ فَعَلْتَ هَٰذَا بِـَٔالِهَتِنَا يَٰٓإِبْرَٰهِيمُ ﴿٦٢﴾

63. Siya (Abraham) ay nagsabi: "Hindi! Ito, ang pinakamalaki sa kanila (imahen) ang gumawa nito. Inyong tanungin sila kung sila ay nakapagsasalita?"

قَالَ بَلْ فَعَلَهُۥ كَبِيرُهُمْ هَٰذَا فَسْـَٔلُوهُمْ إِن كَانُوا۟ يَنطِقُونَ ﴿٦٣﴾

64. Kaya't sila ay nagsang-usap-usapan sa isa't isa at nagsabi: "Katotohanang kayo ay *Zalimun* (mapagsamba sa mga diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian)."

فَرَجَعُوٓا۟ إِلَىٰٓ أَنفُسِهِمْ فَقَالُوٓا۟ إِنَّكُمْ أَنتُمُ ٱلظَّٰلِمُونَ ﴿٦٤﴾

65. At pagkatapos, sila ay nagsang-usap-usapan at pumakli: "Katotohanan na ganap mong alam na ang (mga imaheng) ito ay hindi nakapagsasalita!"

ثُمَّ نُكِسُوا۟ عَلَىٰ رُءُوسِهِمْ لَقَدْ عَلِمْتَ مَا هَٰٓؤُلَآءِ يَنطِقُونَ ﴿٦٥﴾

66. (Si Abraham) ay nagturing: "Sinasamba ba ninyo maliban kay Allah ang mga bagay na hindi makapagbibigay sa inyo ng

قَالَ أَفَتَعْبُدُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ مَا لَا يَنفَعُكُمْ شَيْـًٔا وَلَا يَضُرُّكُمْ ﴿٦٦﴾

kapakinabangan, o makapamiminsala sa inyo?"

67. "Kasumpa-sumpa kayo, at gayundin ang mga sinasamba ninyo maliban pa kay Allah! Wala baga kayong pag-iisip?"

أُفٍّ لَّكُمْ وَلِمَا تَعْبُدُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ ۖ أَفَلَا تَعْقِلُونَ ﴿٦٧﴾

68. Sila ay nagsabi: "Sunugin siya, at ipagtanggol (pangalagaan) ninyo ang inyong mga diyos, kung mayroon (man) kayong gagawin (sa lahat ng bagay)!"

قَالُوا۟ حَرِّقُوهُ وَٱنصُرُوٓا۟ ءَالِهَتَكُمْ إِن كُنتُمْ فَٰعِلِينَ ﴿٦٨﴾

69. Kami (Allah) ay nagwika: "O Apoy! Maging malamig ka at mangalaga ka kay Abraham!"

قُلْنَا يَٰنَارُ كُونِى بَرْدًا وَسَلَٰمًا عَلَىٰٓ إِبْرَٰهِيمَ ﴿٦٩﴾

70. At ninais nila na saktan siya, datapuwa't Aming ginawa sila na pinakamasamang talunan.

وَأَرَادُوا۟ بِهِۦ كَيْدًا فَجَعَلْنَٰهُمُ ٱلْأَخْسَرِينَ ﴿٧٠﴾

71. At Aming iniligtas siya at si Lut sa lupain na Aming pinagpala para sa *Aalamin* (lahat ng mga nilalang).

وَنَجَّيْنَٰهُ وَلُوطًا إِلَى ٱلْأَرْضِ ٱلَّتِى بَٰرَكْنَا فِيهَا لِلْعَٰلَمِينَ ﴿٧١﴾

72. At ipinagkaloob Namin sa kanya si Isaac, at ng dagdag na gantimpala (apong lalaki) na si Hakob. Ang bawat isa ay Aming ginawang matuwid.

وَوَهَبْنَا لَهُۥٓ إِسْحَٰقَ وَيَعْقُوبَ نَافِلَةً ۖ وَكُلًّا جَعَلْنَا صَٰلِحِينَ ﴿٧٢﴾

73. At sila ay ginawa Naming mga pinuno na namamatnubay (sa sangkatauhan) sa pamamagitan ng Aming Pag-uutos, at ipinagkaloob Namin ang inspirasyon sa kanilang (puso) sa paggawa ng mga kabutihan, ang ganap na pag-aalay ng *Salah* (takdang pagdarasal) nang mahinusay, at ang pagbibigay ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa), at tanging sa Amin lamang ang kanilang pagsamba.

وَجَعَلْنَٰهُمْ أَئِمَّةً يَهْدُونَ بِأَمْرِنَا وَأَوْحَيْنَآ إِلَيْهِمْ فِعْلَ ٱلْخَيْرَٰتِ وَإِقَامَ ٱلصَّلَوٰةِ وَإِيتَآءَ ٱلزَّكَوٰةِ ۖ وَكَانُوا۟ لَنَا عَٰبِدِينَ ﴿٧٣﴾

74. At (alalahanin) si Lut, Aming ipinagkaloob sa kanya ang *Hukm* (tamang paghatol sa pamamalakad at pagkapropeta) at Karunungang (pangrelihiyon), at Aming iniligtas siya sa mga tao (pamayanan) na gumagawa ng kasamaan (buktot at malalaswang gawa). Katotohanang sila (ang pamayanan ni Lut) ay mga tao na inilaan sa kasamaan at sila ay *Fasiqun* (suwail, taksil, palasuway kay Allah).

وَلُوطًا ءَاتَيْنَٰهُ حُكْمًا وَعِلْمًا وَنَجَّيْنَٰهُ مِنَ ٱلْقَرْيَةِ ٱلَّتِى كَانَت تَّعْمَلُ ٱلْخَبَٰٓئِثَ ۚ إِنَّهُمْ كَانُوا۟ قَوْمَ سَوْءٍ فَٰسِقِينَ ﴿٧٤﴾

75. At siya (Lut) ay tinanggap Namin sa Aming Habag, katotohanang siya ay isa sa mga matutuwid.

وَأَدْخَلْنَٰهُ فِى رَحْمَتِنَآ ۖ إِنَّهُۥ مِنَ ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿٧٥﴾

76. At (alalahanin) si Noah, nang siya ay nanambitan sa Amin noon pang unang panahon. Kami ay duminig sa kanyang panalangin at Aming iniligtas siya at ang kanyang pamilya sa malaking paghihirap.

وَنُوحًا إِذْ نَادَىٰ مِن قَبْلُ فَٱسْتَجَبْنَا لَهُۥ فَنَجَّيْنَٰهُ وَأَهْلَهُۥ مِنَ ٱلْكَرْبِ ٱلْعَظِيمِ ﴿٧٦﴾

77. Siya ay Aming tinulungan laban sa mga tao na nagtatatwa sa Aming *Ayat* (mga katibayan, talata, aral, tanda). Katotohanang sila ay mga tao na inilaan sa kasamaan. Kaya't silang lahat ay Aming nilunod.

وَنَصَرْنَٰهُ مِنَ ٱلْقَوْمِ ٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَآ ۚ إِنَّهُمْ كَانُوا۟ قَوْمَ سَوْءٍ فَأَغْرَقْنَٰهُمْ أَجْمَعِينَ ﴿٧٧﴾

78. At (alalahanin) si David at Solomon, nang sila ay naglapat ng hatol sa kaso ng isang bukirin, na kung saan ang mga tupa ng ibang tao ay nanginain dito sa gabi at Kami ang naging Saksi sa kanilang paghatol.

وَدَاوُۥدَ وَسُلَيْمَٰنَ إِذْ يَحْكُمَانِ فِى ٱلْحَرْثِ إِذْ نَفَشَتْ فِيهِ غَنَمُ ٱلْقَوْمِ وَكُنَّا لِحُكْمِهِمْ شَٰهِدِينَ ﴿٧٨﴾

79. At ginawa Namin na maunawaan ni Solomon (ang kaso), at sa bawat isa sa kanila, Kami ay naggawad ng *Hukm* (tamang paghatol sa mga bagay-bagay at ng pagkapropeta) at Karunungan. At Aming ipinailalim ang kabundukan at mga ibon na kasama ni David, upang sila ay lumuwalhati (sa Amin). At Kami ang gumagawa (ng lahat ng gayong bagay).

فَفَهَّمْنَٰهَا سُلَيْمَٰنَ ۚ وَكُلًّا ءَاتَيْنَا حُكْمًا وَعِلْمًا ۚ وَسَخَّرْنَا مَعَ دَاوُۥدَ ٱلْجِبَالَ يُسَبِّحْنَ وَٱلطَّيْرَ ۚ وَكُنَّا فَٰعِلِينَ ﴿٧٩﴾

80. At siya ay tinuruan Namin nang paggawa ng kalasag mula sa metal (para sa mga digmaan), upang mapangalagaan kayo sa inyong pakikipaglaban. Kayo baga ay magbibigay ng pasasalamat?

وَعَلَّمْنَٰهُ صَنْعَةَ لَبُوسٍ لَّكُمْ لِتُحْصِنَكُم مِّنۢ بَأْسِكُمْ ۖ فَهَلْ أَنتُمْ شَٰكِرُونَ ﴿٨٠﴾

81. At kay Solomon, (Aming ipinailalim) sa kanya ang hangin na umuunos, na sumusunod sa kanyang pag-uutos patungo sa lupain na Aming pinagpala (Herusalem). At sa lahat-lahat, Kami ang Ganap na Nakababatid.

وَلِسُلَيْمَٰنَ ٱلرِّيحَ عَاصِفَةً تَجْرِى بِأَمْرِهِۦٓ إِلَى ٱلْأَرْضِ ٱلَّتِى بَٰرَكْنَا فِيهَا ۚ وَكُنَّا بِكُلِّ شَىْءٍ عَٰلِمِينَ ﴿٨١﴾

82. At ang ilan sa mga demonyo (mula sa mga *Jinn*) ang bumulusok (sa dagat) para sa kanya (Solomon), at gumawa pa ng ibang gawa (sa kanyang [Solomon] pag-uutos); at Kami (Allah) ang nangalaga sa kanila (mga *Jinn*, na huwag sumuway sa kanyang pag-uutos).

وَمِنَ ٱلشَّيَٰطِينِ مَن يَغُوصُونَ لَهُۥ وَيَعْمَلُونَ عَمَلًا دُونَ ذَٰلِكَ ۖ وَكُنَّا لَهُمْ حَٰفِظِينَ ﴿٨٢﴾

83. At (alalahanin) si Ayyub (Job), nang siya ay manawagan sa kanyang Panginoon: "Katotohanan, ang hapis ay sumakmal sa akin,

۞ وَأَيُّوبَ إِذْ نَادَىٰ رَبَّهُۥٓ أَنِّى مَسَّنِىَ ٱلضُّرُّ وَأَنتَ أَرْحَمُ ٱلرَّٰحِمِينَ ﴿٨٣﴾

at Kayo ang Lubos na Mahabagin (na higit) sa mga maawain."

فَٱسْتَجَبْنَا لَهُۥ فَكَشَفْنَا مَا بِهِۦ مِن ضُرٍّ ۖ وَءَاتَيْنَٰهُ أَهْلَهُۥ وَمِثْلَهُم مَّعَهُمْ رَحْمَةً مِّنْ عِندِنَا وَذِكْرَىٰ لِلْعَٰبِدِينَ ﴿٨٤﴾

84. Kaya't Aming tinugon ang kanyang panambitan, at Aming pinalis ang hapis na nasa kanya, at Aming ibinalik ang kanyang pamilya (na nawalay sa kanya), at ang katulad nito na nasa kanila bilang isang Habag mula sa Amin at bilang isang Pagpapaala-ala sa mga sumasamba sa Amin.

وَإِسْمَٰعِيلَ وَإِدْرِيسَ وَذَا ٱلْكِفْلِ ۖ كُلٌّ مِّنَ ٱلصَّٰبِرِينَ ﴿٨٥﴾

85. At (alalahanin) si Ismail, at Idris (Enoch) at Dhul-Kifl, sila ay kasama sa lipon na nagbabata ng pagtitiis.

وَأَدْخَلْنَٰهُمْ فِى رَحْمَتِنَآ ۖ إِنَّهُم مِّنَ ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿٨٦﴾

86. At Aming tinanggap sila sa Aming Habag. Katotohanang sila ay nasa lipon ng mga matutuwid.

وَذَا ٱلنُّونِ إِذ ذَّهَبَ مُغَٰضِبًا فَظَنَّ أَن لَّن نَّقْدِرَ عَلَيْهِ فَنَادَىٰ فِى ٱلظُّلُمَٰتِ أَن لَّآ إِلَٰهَ إِلَّآ أَنتَ سُبْحَٰنَكَ إِنِّى كُنتُ مِنَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٨٧﴾

87. At (alalahanin) si Dhun-Nun (Jonah), nang siya ay lumisan na napopoot; na nag-akala na siya ay hindi Namin susubukan (sa mga kapahamakan na mangyayari sa kanya). Kaya't siya ay nanambitan sa mga (oras ng) kadiliman (alalaong baga, sa kalaliman ng gabi, sa kadiliman ng ilalim ng dagat, at sa kadiliman ng loob ng isang isda, na nagsasabi): "*La ilaha illa Anta* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Inyo [Allah]). Higit Kayong Maluwalhati (at Kataas-taasan) sa lahat ng (gayong kasamaan na kanilang itinatambal sa Inyo). Katotohanang ako ay nakagawa ng kamalian."

فَٱسْتَجَبْنَا لَهُۥ وَنَجَّيْنَٰهُ مِنَ ٱلْغَمِّ ۚ وَكَذَٰلِكَ نُنجِى ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٨٨﴾

88. Kaya't tinugon Namin ang kanyang panambitan, at Aming iniligtas siya sa kapighatian. Sa gayon Namin inililigtas ang mga sumasampalataya (na nananalig sa Kaisahan ni Allah, umiiwas sa kasamaan at gumagawa ng kabutihan).

وَزَكَرِيَّآ إِذْ نَادَىٰ رَبَّهُۥ رَبِّ لَا تَذَرْنِى فَرْدًا وَأَنتَ خَيْرُ ٱلْوَٰرِثِينَ ﴿٨٩﴾

89. At (alalahanin) si Zakarias, nang siya ay dumalangin sa kanyang Panginoon: "O aking Panginoon! Ako ay huwag Ninyong pabayaan na nag-iisa (na walang mga anak), sapagka't Kayo ang Pinakamainam sa mga Tagapagmana."

فَٱسْتَجَبْنَا لَهُۥ وَوَهَبْنَا لَهُۥ يَحْيَىٰ وَأَصْلَحْنَا لَهُۥ زَوْجَهُۥٓ ۚ إِنَّهُمْ كَانُوا۟

90. Kaya't dininig Namin ang kanyang panambitan at iginawad Namin sa kanya si Juan, at Aming pinagaling ang kanyang asawa

(upang magdalang-tao) para sa kanya. Katotohanang sila ay lagi nang maagap sa paggawa ng mabubuti, at sila ay laging naninikluhod sa Amin ng may pag-asa (sa Aming biyaya) at pangangamba (sa Aming kaparusahan), at sila ay lagi nang nagpapakumbaba sa Aming harapan.

يُسَٰرِعُونَ فِى ٱلْخَيْرَٰتِ وَيَدْعُونَنَا رَغَبًا وَرَهَبًا ۖ وَكَانُوا۟ لَنَا خَٰشِعِينَ ﴿٩٠﴾

91. At (alalahanin) siya na nangangalaga sa kanyang kapurihan (Birheng Maria); siya ay Aming hinipan sa manggas ng kanyang (kasuutan) ng Aming *Ruh* [Espiritu] (sa pamamagitan ni Anghel Gabriel), at Aming ginawa siya at ang kanyang anak (na si Hesus) na isang Tanda sa lahat ng mga nilalang.

وَٱلَّتِىٓ أَحْصَنَتْ فَرْجَهَا فَنَفَخْنَا فِيهَا مِن رُّوحِنَا وَجَعَلْنَٰهَا وَٱبْنَهَآ ءَايَةً لِّلْعَٰلَمِينَ ﴿٩١﴾

92. Katotohanan! Ito (Islam) ang inyong Relihiyon (at ng lahat ng mga Propeta), at ang inyong *Ummah* (Bansa o Pamayanan) ay isang relihiyon, at Ako ang inyong Panginoon, kaya't tanging Ako lamang ang sambahin ninyo.

إِنَّ هَٰذِهِۦٓ أُمَّتُكُمْ أُمَّةً وَٰحِدَةً وَأَنَا۠ رَبُّكُمْ فَٱعْبُدُونِ ﴿٩٢﴾

93. At sila (ang sangkatauhan) ang sumira at nagbubukud-bukod ng kanilang relihiyon. (At) silang lahat ay muling magbabalik sa Amin.

وَتَقَطَّعُوٓا۟ أَمْرَهُم بَيْنَهُمْ ۖ كُلٌّ إِلَيْنَا رَٰجِعُونَ ﴿٩٣﴾

94. Kaya't sinuman ang gumawa nang matutuwid na gawa habang siya ay nananampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), ang kanyang mga pagsisikhay ay hindi tatanggihan. Katotohanang itinatala Namin ito (para sa kanya) sa Talaan ng kanyang mga gawa.

فَمَن يَعْمَلْ مِنَ ٱلصَّٰلِحَٰتِ وَهُوَ مُؤْمِنٌ فَلَا كُفْرَانَ لِسَعْيِهِۦ ۖ وَإِنَّا لَهُۥ كَٰتِبُونَ ﴿٩٤﴾

95. At isang pagbabawal ang inilaan sa lahat ng bawat bayan (pamayanan) na Aming winasak, na sila ay hindi na makababalik (muli sa mundong ito).

وَحَرَٰمٌ عَلَىٰ قَرْيَةٍ أَهْلَكْنَٰهَآ أَنَّهُمْ لَا يَرْجِعُونَ ﴿٩٥﴾

96. Hanggang nang sina Gog at Magog ay hayaan na makawala (sa kanilang hadlang), at sila ay mabilis na nagsipangalat sa bawat talampas.

حَتَّىٰٓ إِذَا فُتِحَتْ يَأْجُوجُ وَمَأْجُوجُ وَهُم مِّن كُلِّ حَدَبٍ يَنسِلُونَ ﴿٩٦﴾

97. At ang Tunay na Pangako (Araw ng Muling Pagkabuhay) ay malapit na (sa katuparan). At kapag (ang sangkatauhan ay ibangon na mula sa kanilang libingan), mapagmamalas ninyo ang mga mata ng mga hindi sumasampalataya na nakatitig sa pagkasindak. (Sila ay mangungusap):

وَٱقْتَرَبَ ٱلْوَعْدُ ٱلْحَقُّ فَإِذَا هِىَ شَٰخِصَةٌ أَبْصَٰرُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ يَٰوَيْلَنَا قَدْ كُنَّا فِى غَفْلَةٍ مِّنْ هَٰذَا بَلْ كُنَّا ظَٰلِمِينَ ﴿٩٧﴾

"Kasawian sa amin! Katotohanang kami ay nagpabaya rito; datapuwa't (walang alinlangan) na kami ay *Zalimun* (mapagsamba sa mga diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian)."

98. Katiyakan! Kayo (na hindi sumasampalataya) at gayundin ang inyong mga sinasamba maliban pa kay Allah ay (wala ng iba) kundi mga panggatong sa Impiyerno! (Katotohanang) kayo ay magsisipasok dito.

إِنَّكُمْ وَمَا تَعْبُدُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ حَصَبُ جَهَنَّمَ أَنتُمْ لَهَا وَٰرِدُونَ ﴿٩٨﴾

99. Kung ang mga (imaheng ito) ay naging mga diyos (nga), sila sana ay hindi magsisipasok dito (Impiyerno), at silang lahat ay mananatili rito.

لَوْ كَانَ هَٰٓؤُلَآءِ ءَالِهَةً مَّا وَرَدُوهَا ۖ وَكُلٌّ فِيهَا خَٰلِدُونَ ﴿٩٩﴾

100. Dito sila ay magbubuntong-hininga nang malalim (dahil sa matinding sakit ang kanilang daranasin) at sila rito ay hindi makakarinig.

لَهُمْ فِيهَا زَفِيرٌ وَهُمْ فِيهَا لَا يَسْمَعُونَ ﴿١٠٠﴾

101. Katotohanang sa kanila na Aming itinakda ang isang mabuting gantimpala, sila ay ilalayo rito (Impiyerno, [katulad ni Hesus na anak ni Maria, Ezra]).

إِنَّ ٱلَّذِينَ سَبَقَتْ لَهُم مِّنَّا ٱلْحُسْنَىٰٓ أُو۟لَٰٓئِكَ عَنْهَا مُبْعَدُونَ ﴿١٠١﴾

102. Hindi nila mapapakinggan ang pinakamaliit na ingay nito (Impiyerno), habang sila ay nananahan sa (Paraiso) na ninais ng kanilang sarili.

لَا يَسْمَعُونَ حَسِيسَهَا ۖ وَهُمْ فِى مَا ٱشْتَهَتْ أَنفُسُهُمْ خَٰلِدُونَ ﴿١٠٢﴾

103. Ang Pinakamalaking Sindak (sa Araw ng Muling Pagkabuhay) ay hindi magbibigay-hapis sa kanila, at ang mga anghel ay sasalubong sa kanila (na may pagbati): "Ito ang inyong Araw na sa inyo ay ipinangako."

لَا يَحْزُنُهُمُ ٱلْفَزَعُ ٱلْأَكْبَرُ وَتَتَلَقَّىٰهُمُ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ هَٰذَا يَوْمُكُمُ ٱلَّذِى كُنتُمْ تُوعَدُونَ ﴿١٠٣﴾

104. Sa Araw na Aming babalunbunin ang kalangitan na tulad ng papel na nakabalunbon para sa mga aklat, at (kung paano) Namin sinimulan ang unang paglikha, Amin itong panunumbaliking muli; (ito) ay pangako na Aming pinaninindigan. Katotohanang Aming tutuparin ito.

يَوْمَ نَطْوِى ٱلسَّمَآءَ كَطَىِّ ٱلسِّجِلِّ لِلْكُتُبِ ۚ كَمَا بَدَأْنَآ أَوَّلَ خَلْقٍ نُّعِيدُهُۥ ۚ وَعْدًا عَلَيْنَآ ۚ إِنَّا كُنَّا فَٰعِلِينَ ﴿١٠٤﴾

105. At katotohanang Aming isinulat sa *Zabur* (alalaong baga, ang lahat ng mga Banal na Aklat na ipinahayag tulad ng *Torah,* Ebanghelyo, Salmo, at ang Qur'an) matapos (na Aming maisulat) ito sa *Lauh Al-Mahfuz* (ang Aklat na nasa pag-iingat ni Allah sa Kalangitan), na ang Aking matutuwid na alipin

وَلَقَدْ كَتَبْنَا فِى ٱلزَّبُورِ مِنۢ بَعْدِ ٱلذِّكْرِ أَنَّ ٱلْأَرْضَ يَرِثُهَا عِبَادِىَ ٱلصَّٰلِحُونَ ﴿١٠٥﴾

ay magmamana sa Kalupaan.

إِنَّ فِي هَٰذَا لَبَلَٰغًا لِّقَوْمٍ عَٰبِدِينَ ﴿١٠٦﴾

106. Katotohanang dito (sa Qur'an) ay mayroong maliwanag na Mensahe sa mga tao na sumasamba kay Allah (alalaong baga, ang tunay na nananalig sa Islam, sumusunod sa Qur'an at sa mga pamamaraan ng Propeta).

وَمَآ أَرْسَلْنَٰكَ إِلَّا رَحْمَةً لِّلْعَٰلَمِينَ ﴿١٠٧﴾

107. At ikaw (O Muhammad) ay hindi Namin isinugo, maliban lamang na tanging Habag sa *Aalamin* (sangkatauhan, mga *Jinn*, at lahat ng mga nilalang).

قُلْ إِنَّمَا يُوحَىٰٓ إِلَيَّ أَنَّمَآ إِلَٰهُكُمْ إِلَٰهٌ وَٰحِدٌ ۖ فَهَلْ أَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴿١٠٨﴾

108. Ipagbadya (O Muhammad): "Sa akin ay ipinahayag na ang inyong Diyos ay isa lamang Diyos (si Allah). Hindi baga kayo tatalima sa Kanyang Kalooban (na maging Muslim at magtigil sa pagsamba sa iba pa maliban kay Allah)?"

فَإِن تَوَلَّوْا۟ فَقُلْ ءَاذَنتُكُمْ عَلَىٰ سَوَآءٍ ۖ وَإِنْ أَدْرِىٓ أَقَرِيبٌ أَم بَعِيدٌ مَّا تُوعَدُونَ ﴿١٠٩﴾

109. Datapuwa't kung sila (mga pagano, mapagsamba sa diyus-diyosan, Hudyo, Kristiyano) ay magsitalikod (sa pagsampalataya sa Kaisahan ni Allah), ipagsaysay mo sa kanila (O Muhammad): "Kayong lahat ay pareho kong binalaan, subalit hindi ko nababatid kung malapit na o malayo pa ang bagay na ibinala sa inyo (alalaong baga, ang kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay).

إِنَّهُۥ يَعْلَمُ ٱلْجَهْرَ مِنَ ٱلْقَوْلِ وَيَعْلَمُ مَا تَكْتُمُونَ ﴿١١٠﴾

110. Ipagbadya mo (O Muhammad): "Katotohanang Siya (Allah) ang nakababatid kung ano ang inyong ipinangungusap nang malakas (lantad) at gayundin ang inyong ikinukubli.

وَإِنْ أَدْرِى لَعَلَّهُۥ فِتْنَةٌ لَّكُمْ وَمَتَٰعٌ إِلَىٰ حِينٍ ﴿١١١﴾

111. At hindi ko (ito) batid, marahil ito ay isa lamang pagsubok sa inyo, at isang pansamantalang pagsasaya lamang.

قَٰلَ رَبِّ ٱحْكُم بِٱلْحَقِّ ۗ وَرَبُّنَا ٱلرَّحْمَٰنُ ٱلْمُسْتَعَانُ عَلَىٰ مَا تَصِفُونَ ﴿١١٢﴾

112. Siya (Muhammad) ay nagsabi: "O Aking Panginoon! Kayo ay humatol (sa pagitan namin) ng katotohanan! At ang Panginoon namin na Pinakamahabagin, ay Siyang (hinihingan namin ng tulong) laban sa mga kalapastanganan na inyong ipinangungusap (tungkol sa Kanya; na Siya ay may anak, at tungkol kay Muhammad; na siya ay manggagaway; at tungkol sa Qur'an, na ito ay isang tulain)!

Surah 22

Surat Al-Hajj
(Ang Pilgrimahe)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. O sangkatauhan! Pangambahan ninyo ang inyong Panginoon at maging masunurin sa Kanya! Katotohanan, ang lindol sa Oras (ng katapusan ng mundo) ay isang kasindak-sindak na bagay.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ ٱتَّقُوا۟ رَبَّكُمْ ۚ إِنَّ زَلْزَلَةَ ٱلسَّاعَةِ شَىْءٌ عَظِيمٌ ﴿١﴾

2. Sa Araw na mapagmamalas ninyo na ang bawat nagpapasusong ina sa kanyang anak ay makakalimot sa kanyang inaalagaan, at ang bawat nasa sinapupunan ng nagdadalang-taong babae ay malalaglag (kanyang maipapanganak), at inyong mamamasdan ang mga tao na waring mga lasing, ngunit sila ay hindi malalango, datapuwa't napakatindi ng Kaparusahan ni Allah.

يَوْمَ تَرَوْنَهَا تَذْهَلُ كُلُّ مُرْضِعَةٍ عَمَّآ أَرْضَعَتْ وَتَضَعُ كُلُّ ذَاتِ حَمْلٍ حَمْلَهَا وَتَرَى ٱلنَّاسَ سُكَٰرَىٰ وَمَا هُم بِسُكَٰرَىٰ وَلَٰكِنَّ عَذَابَ ٱللَّهِ شَدِيدٌ ﴿٢﴾

3. At mayroong mga tao na nakikipagtalo tungkol kay Allah ng walang kaalaman, at sumusunod sa lahat ng mapaghimagsik na *Shaitan* (demonyo).

وَمِنَ ٱلنَّاسِ مَن يُجَٰدِلُ فِى ٱللَّهِ بِغَيْرِ عِلْمٍ وَيَتَّبِعُ كُلَّ شَيْطَٰنٍ مَّرِيدٍ ﴿٣﴾

4. Sa kanya (demonyo) ay itinakda, na ang sinumang sumunod sa kanya, kanyang ililigaw siya, at siya ay kakaladkarin niya sa Kaparusahan ng Apoy.

كُتِبَ عَلَيْهِ أَنَّهُۥ مَن تَوَلَّاهُ فَأَنَّهُۥ يُضِلُّهُۥ وَيَهْدِيهِ إِلَىٰ عَذَابِ ٱلسَّعِيرِ ﴿٤﴾

5. O sangkatauhan! Kung kayo ay nag-aalinlangan tungkol sa Muling Pagkabuhay, kung gayon, katotohanang Aming nilikha kayo (tulad ni Adan) mula sa alabok, at pagkaraan ay (naging) mula sa *Nutfah* (magkahalong semilya ng lalaki at babae), at (ito ay naging) kimpal (isang makapal na piraso ng namuong dugo), at (ito ay naging) maliit na tambok ng laman, ang iba ay nagkahubog at ang iba ay hindi nahubog (nakunan o nalaglag sa pagdadalang-tao), upang magawa Namin (ito) na maliwanag sa

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ إِن كُنتُمْ فِى رَيْبٍ مِّنَ ٱلْبَعْثِ فَإِنَّا خَلَقْنَٰكُم مِّن تُرَابٍ ثُمَّ مِن نُّطْفَةٍ ثُمَّ مِنْ عَلَقَةٍ ثُمَّ مِن مُّضْغَةٍ مُّخَلَّقَةٍ وَغَيْرِ مُخَلَّقَةٍ لِّنُبَيِّنَ لَكُمْ ۚ وَنُقِرُّ فِى ٱلْأَرْحَامِ مَا نَشَآءُ إِلَىٰٓ أَجَلٍ مُّسَمًّى ثُمَّ نُخْرِجُكُمْ طِفْلًا ثُمَّ لِتَبْلُغُوٓا۟ أَشُدَّكُمْ ۖ وَمِنكُم مَّن يُتَوَفَّىٰ وَمِنكُم مَّن يُرَدُّ إِلَىٰٓ أَرْذَلِ

ٱلْعُمُرِ لِكَيْلَا يَعْلَمَ مِنۢ بَعْدِ عِلْمٍ شَيْـًٔا ۚ وَتَرَى ٱلْأَرْضَ هَامِدَةً فَإِذَآ أَنزَلْنَا عَلَيْهَا ٱلْمَآءَ ٱهْتَزَّتْ وَرَبَتْ وَأَنۢبَتَتْ مِن كُلِّ زَوْجٍۭ بَهِيجٍ ﴿٥﴾

inyo (alalaong baga, ang maipamalas ang Aming kapangyarihan at kakayahan na magawa ang anumang Aming maibigan). At pinahihintulutan Namin ang sinumang Aming maibigan na manatili sa loob ng sinapupunan (ng babae) sa isang natatakdaang panahon, at Aming iniluwal kayo bilang mga sanggol, (at binigyan kayo ng kakayahang lumaki) upang inyong sapitin ang gulang ng may hustong lakas. At sa lipon ninyo ay mayroong namamatay (na bata pa), at sa lipon ninyo ay mayroong nagbabalik sa mahirap na katandaan, kaya't wala siyang natatandaan matapos na kanyang maalaman ([noon], o nagiging ulyanin o isip-bata). At namamasdan ninyo ang kalupaan na tuyot, datapuwa't kung Aming pamalibisbisin ang tubig (ulan) sa mga ito, ito ay gumagalaw at nanariwa at tumubo rito ang lahat ng uri ng (halaman na) kaakit-akit ang pagtubo.

ذَٰلِكَ بِأَنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلْحَقُّ وَأَنَّهُۥ يُحْىِ ٱلْمَوْتَىٰ وَأَنَّهُۥ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿٦﴾

6. Ito'y sapagkat si Allah ang Siyang Katotohanan, at Siya ang nagbibigay ng buhay sa patay, at Siya ang Nakagagawa ng lahat ng bagay.

وَأَنَّ ٱلسَّاعَةَ ءَاتِيَةٌ لَّا رَيْبَ فِيهَا وَأَنَّ ٱللَّهَ يَبْعَثُ مَن فِى ٱلْقُبُورِ ﴿٧﴾

7. At katotohanan, ang Oras (ng katapusan ng mundo) ay daratal, walang alinlangan tungkol dito, at katiyakan, na si Allah ay magpapabangon sa mga nasa libingan.

وَمِنَ ٱلنَّاسِ مَن يُجَٰدِلُ فِى ٱللَّهِ بِغَيْرِ عِلْمٍ وَلَا هُدًى وَلَا كِتَٰبٍ مُّنِيرٍ ﴿٨﴾

8. At may mga taong nakikipagtalo tungkol kay Allah ng walang kaalaman o patnubay, o ng isang Aklat na nagbibigay-liwanag (mula kay Allah), -

ثَانِىَ عِطْفِهِۦ لِيُضِلَّ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ ۖ لَهُۥ فِى ٱلدُّنْيَا خِزْىٌ ۖ وَنُذِيقُهُۥ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ عَذَابَ ٱلْحَرِيقِ ﴿٩﴾

9. Na naglilingon ng kanyang leeg sa kapalaluan (na malayo sa Landas ni Allah), upang iligaw (ang iba) nang malayo sa Landas ni Allah. Sa kanya ay mayroong kahihiyan sa buhay sa mundong ito, at sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay Aming ipalalasap sa kanya ang sakit ng nagliliyab (na Apoy).

ذَٰلِكَ بِمَا قَدَّمَتْ يَدَاكَ وَأَنَّ ٱللَّهَ لَيْسَ بِظَلَّٰمٍ لِّلْعَبِيدِ ﴿١٠﴾

10. Ito'y dahilan sa mga idinulot (ginawa) ng iyong mga kamay, at katotohanang si Allah ay makatarungan sa Kanyang mga alipin.

وَمِنَ ٱلنَّاسِ مَن يَعْبُدُ ٱللَّهَ عَلَىٰ حَرْفٍ ۖ فَإِنْ أَصَابَهُۥ

11. At may mga tao na sumasamba kay Allah nang gayon na nasa gilid[41] (ng pag-aalinlangan), kung

[41] Nasa bingit ng kanyang relihiyon; alalaong baga, sabi nga ay nasa kawalan ng katiyakan, pagkukunwari at pagtanggi na makinig at sumunod.

خَيْرٌ ٱطْمَأَنَّ بِهِۦ ۖ وَإِنْ أَصَابَتْهُ فِتْنَةٌ ٱنقَلَبَ عَلَىٰ وَجْهِهِۦ خَسِرَ ٱلدُّنْيَا وَٱلْآخِرَةَ ۚ ذَٰلِكَ هُوَ ٱلْخُسْرَانُ ٱلْمُبِينُ ﴿١١﴾

siya ay sinaling ng kabutihan, siya ay nabibigyan ng kapanatagan nito; datapuwa't kung ang pagsubok ay dumatal sa kanya, ibinabaling niya ang kanyang mukha (sa ibang direksyon [alalaong baga, nagbalik sa kawalan ng pananampalataya pagkatapos na yumakap sa Islam]). Siya ay kapwa talunan sa mundong ito at sa Kabilang Buhay. Ito ang lantad na pagkatalo.

يَدْعُوا۟ مِن دُونِ ٱللَّهِ مَا لَا يَضُرُّهُۥ وَمَا لَا يَنفَعُهُۥ ۚ ذَٰلِكَ هُوَ ٱلضَّلَٰلُ ٱلْبَعِيدُ ﴿١٢﴾

12. Siya ay nananalangin sa iba pa maliban kay Allah na hindi naman nakapagbibigay ng kasahulan o kapakinabangan sa kanya. Katotohanang ito ay pagkaligaw na malayo.

يَدْعُوا۟ لَمَن ضَرُّهُۥٓ أَقْرَبُ مِن نَّفْعِهِۦ ۚ لَبِئْسَ ٱلْمَوْلَىٰ وَلَبِئْسَ ٱلْعَشِيرُ ﴿١٣﴾

13. Siya ay nananalangin sa kanya na ang kapahamakan ay higit na malapit kaysa kapakinabangan; katotohanang isang masamang *Maula* (patron o idolo), at katiyakang isang masamang kaibigan!

إِنَّ ٱللَّهَ يُدْخِلُ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ يَفْعَلُ مَا يُرِيدُ ﴿١٤﴾

14. Katotohanang si Allah ay tatanggap sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at nagsisigawa ng kabutihan (ayon sa Qur'an at sa pagtuturo ng Propeta), sa mga Halamanan na sa ibaba nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso). Katotohanang si Allah ay gumagawa ng anumang Kanyang naisin.

مَن كَانَ يَظُنُّ أَن لَّن يَنصُرَهُ ٱللَّهُ فِى ٱلدُّنْيَا وَٱلْآخِرَةِ فَلْيَمْدُدْ بِسَبَبٍ إِلَى ٱلسَّمَآءِ ثُمَّ لْيَقْطَعْ فَلْيَنظُرْ هَلْ يُذْهِبَنَّ كَيْدُهُۥ مَا يَغِيظُ ﴿١٥﴾

15. Kung sinuman ang nag-aakala na si Allah ay hindi tutulong sa kanya (Muhammad) sa mundong ito at sa Kabilang Buhay, hayaan siyang magbitin ng lubid sa kisame at hayaang bigtihin niya ang kanyang sarili. At hayaang mamasdan niya: - ang kanya kayang balak ay makapag-aalis ng gayong bagay na nakapagpapagalit (sa kanya)!

وَكَذَٰلِكَ أَنزَلْنَٰهُ ءَايَٰتٍۭ بَيِّنَٰتٍ وَأَنَّ ٱللَّهَ يَهْدِى مَن يُرِيدُ ﴿١٦﴾

16. Kaya't Aming ipinadala ito (ang Qur'an) sa kanya (kay Muhammad) bilang Maliwanag na mga Tanda (katibayan), at katotohanang si Allah ay namamatnubay sa sinumang Kanyang maibigan.

إِنَّ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَٱلَّذِينَ هَادُوا۟ وَٱلصَّٰبِـُٔونَ وَٱلنَّصَٰرَىٰ وَٱلْمَجُوسَ وَٱلَّذِينَ أَشْرَكُوٓا۟ ۖ إِنَّ ٱللَّهَ يَفْصِلُ بَيْنَهُمْ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ شَهِيدٌ ﴿١٧﴾

17. Katotohanang sila na mga sumasampalataya (kay Allah at naniniwala sa Kanyang Sugong si Muhammad), at ang mga Hudyo, ang mga Sabiano, ang mga Kristiyano, at mga Magiano, at sila na mga sumasamba sa iba bukod pa kay Allah, katotohanang si Allah ang hahatol sa pagitan nila sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Katotohanang si Allah ang Saksi sa lahat ng bagay.

18. Hindi mo ba namamasdan na ang lahat ng nasa kalangitan at kalupaan, at ang araw, at ang buwan, at ang mga bituin, at kabundukan, ang mga punongkahoy, ang mga hayop, at ang karamihan sa mga tao ay nagpapatirapa kay Allah? Datapuwa't marami sa mga (tao) na ang (ilalapat na) kaparusahan (sa kanila) ay makatwiran. At kung sinuman ang bigyan ni Allah ng kahihiyan, walang makapagbibigay sa kanya ng karangalan. Katotohanang si Allah ay gumagawa ng anumang Kanyang naisin.

أَلَمْ تَرَ أَنَّ ٱللَّهَ يَسْجُدُ لَهُۥ مَن فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَن فِى ٱلْأَرْضِ وَٱلشَّمْسُ وَٱلْقَمَرُ وَٱلنُّجُومُ وَٱلْجِبَالُ وَٱلشَّجَرُ وَٱلدَّوَآبُّ وَكَثِيرٌ مِّنَ ٱلنَّاسِ ۖ وَكَثِيرٌ حَقَّ عَلَيْهِ ٱلْعَذَابُ ۗ وَمَن يُهِنِ ٱللَّهُ فَمَا لَهُۥ مِن مُّكْرِمٍ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ يَفْعَلُ مَا يَشَآءُ ﴿١٨﴾

19. Ang dalawang magkalabang ito (ang sumasampalataya at hindi sumasampalataya) ay nagsisipagtalo sa isa't isa tungkol sa kanilang Panginoon, at sa mga hindi nananampalataya, ang mga damit na gawa sa apoy ay tatabasin para sa kanila, at kumukulong tubig ang ibubuhos sa kanilang ulo.

۞ هَٰذَانِ خَصْمَانِ ٱخْتَصَمُوا۟ فِى رَبِّهِمْ ۖ فَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ قُطِّعَتْ لَهُمْ ثِيَابٌ مِّن نَّارٍ يُصَبُّ مِن فَوْقِ رُءُوسِهِمُ ٱلْحَمِيمُ ﴿١٩﴾

20. Sa pamamagitan nito ay malulusaw o maglalaho ang anumang nasa loob ng kanilang tiyan, gayundin ang (kanilang) balat.

يُصْهَرُ بِهِۦ مَا فِى بُطُونِهِمْ وَٱلْجُلُودُ ﴿٢٠﴾

21. At sa kanila ay ipangpaparusa ang mga piraso ng tuwid na bakal na may sima.

وَلَهُم مَّقَٰمِعُ مِنْ حَدِيدٍ ﴿٢١﴾

22. Sa bawat oras na naisin nilang makawala rito, dahil sa pagkahapis, sila ay muling itataboy dito, at sa kanila ay ipagbabadya: "Lasapin ninyo ang kaparusahan ng pagkasunog!"

كُلَّمَآ أَرَادُوٓا۟ أَن يَخْرُجُوا۟ مِنْهَا مِنْ غَمٍّ أُعِيدُوا۟ فِيهَا وَذُوقُوا۟ عَذَابَ ٱلْحَرِيقِ ﴿٢٢﴾

23. Katotohanang si Allah ay tatanggap sa mga nananampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at nagsisigawa ng kabutihan, sa mga Halamanan na sa ibaba nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (sa Paraiso), rito sila ay papalamutihan ng mga pulseras na gawa sa ginto at perlas at ang kanilang magiging kasuutan dito ay sutla.

إِنَّ ٱللَّهَ يُدْخِلُ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ يُحَلَّوْنَ فِيهَا مِنْ أَسَاوِرَ مِن ذَهَبٍ وَلُؤْلُؤًا ۖ وَلِبَاسُهُمْ فِيهَا حَرِيرٌ ﴿٢٣﴾

24. At sila ay napapatnubayan (sa mundong ito) tungo sa isang magandang pangungusap (ang *La ilaha ill Allah, Alhamdullilah*), at sila ay napapatnubayan sa Landas ng Ipinagkakapuri (ang Relihiyon ni Allah).

وَهُدُوٓا۟ إِلَى ٱلطَّيِّبِ مِنَ ٱلْقَوْلِ وَهُدُوٓا۟ إِلَىٰ صِرَٰطِ ٱلْحَمِيدِ ﴿٢٤﴾

25. Katotohanan, sila na mga hindi sumasampalataya at humahadlang (sa mga tao) tungo sa Landas ni Allah, at sa *Masjid Al Haram*

إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَيَصُدُّونَ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ وَٱلْمَسْجِدِ ٱلْحَرَامِ ٱلَّذِى جَعَلْنَٰهُ

(sa Makkah) na ginawa Naming bukas sa (lahat) ng mga tao, at sa naninirahan dito at sa panauhin mula sa bansa ay magkakapantay dito (kung tungkol sa kabanalan ng *Hajj* at *Umra*). At sinumang kumiling sa gawang masama rito o gumawa ng kamalian (alalaong baga, ang sumamba sa mga diyus-diyosan at talikuran ang Islam at Kaisahan ni Allah) ay hahayaan Naming lasapin niya ang masakit na kaparusahan.

لِلنَّاسِ سَوَآءً ٱلْعَـٰكِفُ فِيهِ وَٱلْبَادِ ۚ وَمَن يُرِدْ فِيهِ بِإِلْحَادٍۭ بِظُلْمٍ نُّذِقْهُ مِنْ عَذَابٍ أَلِيمٍ ﴿٢٥﴾

26. At (alalahanin) nang Aming ipamalas kay Abraham ang lugar (ng Banal) na Tahanan (ang *Ka'ba* sa Makkah) na (nagsasabi): "Huwag kayong magtambal ng anupaman sa pagsamba sa Akin, at dalisayin ninyo ang Aking Tahanan tungo sa kanila na mga nagsisiikot dito, at sa mga nagsisitindig sa pagdalangin, at sa mga yumuyukod at nagpapatirapa."

وَإِذْ بَوَّأْنَا لِإِبْرَٰهِيمَ مَكَانَ ٱلْبَيْتِ أَن لَّا تُشْرِكْ بِى شَيْـًٔا وَطَهِّرْ بَيْتِىَ لِلطَّآئِفِينَ وَٱلْقَآئِمِينَ وَٱلرُّكَّعِ ٱلسُّجُودِ ﴿٢٦﴾

27. At ikaw (O Ibrahim) ay manawagan sa sangkatauhan (na maging isang tungkulin sa kanila) ang *Hajj* (Pilgrimahe). Sila ay daratal sa iyo sa kanilang mga paa at (nakasakay) sa bawat balingkinitang kamelyo, sila ay manggagaling sa bawat malayong daan (o lugar upang mag-alay ng *Hajj*).

وَأَذِّن فِى ٱلنَّاسِ بِٱلْحَجِّ يَأْتُوكَ رِجَالًا وَعَلَىٰ كُلِّ ضَامِرٍ يَأْتِينَ مِن كُلِّ فَجٍّ عَمِيقٍ ﴿٢٧﴾

28. Upang kanilang mamalas ang mga bagay na may kapakinabangan sa kanila (alalaong baga, ang gantimpala ng *Hajj* sa Kabilang Buhay, gayundin sa ilang makamundong pakinabang tulad ng pagtitinda, kalakal), at (upang kanilang) banggitin ang pangalan ni Allah (ang pagbigkas ng: *[Bismillahi, Wallahu Akbar, Allahumma Minka wa Ilaik]*) sa oras nang kanilang pagkatay sa anumang ipinagkaloob Niya sa kanila na bakahan (para sa sakripisyo ng *Hajj*) sa mga itinakdang araw (alalaong baga, sa ika-10, 11, 12, 13 ng *Dhul Hijja*). At magsikain kayo rito at ipakain (ipamahagi) sa mga mahihirap na naghihikahos.

لِّيَشْهَدُوا۟ مَنَـٰفِعَ لَهُمْ وَيَذْكُرُوا۟ ٱسْمَ ٱللَّهِ فِىٓ أَيَّامٍ مَّعْلُومَـٰتٍ عَلَىٰ مَا رَزَقَهُم مِّنۢ بَهِيمَةِ ٱلْأَنْعَـٰمِ ۖ فَكُلُوا۟ مِنْهَا وَأَطْعِمُوا۟ ٱلْبَآئِسَ ٱلْفَقِيرَ ﴿٢٨﴾

29. At hayaan nilang buuin ang mga nakatalagang tungkulin sa kanila (ang *Manasik* ng *Hajj*), at isagawa (tuparin) ang kanilang pangako (mga ritwal), at magsiikot sa Sinaunang Tahanan (ang *Ka'ba* sa Makkah).

ثُمَّ لْيَقْضُوا۟ تَفَثَهُمْ وَلْيُوفُوا۟ نُذُورَهُمْ وَلْيَطَّوَّفُوا۟ بِٱلْبَيْتِ ٱلْعَتِيقِ ﴿٢٩﴾

ذَٰلِكَ وَمَن يُعَظِّمْ حُرُمَٰتِ ٱللَّهِ فَهُوَ خَيْرٌ لَّهُۥ عِندَ رَبِّهِۦ ۗ وَأُحِلَّتْ لَكُمُ ٱلْأَنْعَٰمُ إِلَّا مَا يُتْلَىٰ عَلَيْكُمْ ۖ فَٱجْتَنِبُوا۟ ٱلرِّجْسَ مِنَ ٱلْأَوْثَٰنِ وَٱجْتَنِبُوا۟ قَوْلَ ٱلزُّورِ ﴿٣٠﴾

30. Sa gayon, (*[Manasik ng Hajj]* ang mga nakatalagang tungkulin sa *Hajj*), ang sinumang magparangal sa (mga ritwal ng *Hajj*) na ipinag-utos ni Allah, ito ay higit na mabuti sa kanya sa paningin ng kanyang Panginoon. Ang mga hayop ay pinahihintulutan sa inyo (na kainin), maliban lamang sa mga babanggitin sa inyo (sa Qur'an na hindi kasali). Kaya't talikdan ninyo ang karumal-dumal na gawain (ang pagsamba sa mga diyus-diyosan) at talikdan ang pagsasalita ng kasinungalingan,

حُنَفَآءَ لِلَّهِ غَيْرَ مُشْرِكِينَ بِهِۦ ۚ وَمَن يُشْرِكْ بِٱللَّهِ فَكَأَنَّمَا خَرَّ مِنَ ٱلسَّمَآءِ فَتَخْطَفُهُ ٱلطَّيْرُ أَوْ تَهْوِى بِهِ ٱلرِّيحُ فِى مَكَانٍ سَحِيقٍ ﴿٣١﴾

31. Na sumasamba lamang kay Allah, at hindi nagtatambal sa Kanya (sa pagsamba), at sinumang magtalaga ng katambal kay Allah, ang makakatulad niya ay wari bang siya ay nahulog mula sa alapaap (kaitaasan), at ang mga ibon ay umaagaw sa kanya, o ang hangin ay nagtatapon sa kanya sa isang malayong lugar.

ذَٰلِكَ وَمَن يُعَظِّمْ شَعَٰٓئِرَ ٱللَّهِ فَإِنَّهَا مِن تَقْوَى ٱلْقُلُوبِ ﴿٣٢﴾

32. Sa gayon[42] , ang sinumang magparangal sa mga Tanda ni Allah, kung gayon, ito ay katotohanang nanggagaling sa (dalisay na) pananampalataya ng puso.

لَكُمْ فِيهَا مَنَٰفِعُ إِلَىٰٓ أَجَلٍ مُّسَمًّى ثُمَّ مَحِلُّهَآ إِلَى ٱلْبَيْتِ ٱلْعَتِيقِ ﴿٣٣﴾

33. Kayo ay mayroong kapakinabangan sa mga ito (ang mga hayop na inialay sa sakripisyo) sa isang natatakdaang panahon; hanggang ito ay sumapit sa lugar nito (upang isakripisyo) sa Sinaunang Tahanan (ang *Haram*, ang sagradong teritoryo ng lungsod ng Makkah).

وَلِكُلِّ أُمَّةٍ جَعَلْنَا مَنسَكًا لِّيَذْكُرُوا۟ ٱسْمَ ٱللَّهِ عَلَىٰ مَا رَزَقَهُم مِّنۢ بَهِيمَةِ ٱلْأَنْعَٰمِ ۗ فَإِلَٰهُكُمْ إِلَٰهٌ وَٰحِدٌ فَلَهُۥٓ أَسْلِمُوا۟ ۗ وَبَشِّرِ ٱلْمُخْبِتِينَ ﴿٣٤﴾

34. At sa bawat bansa (pangkat ng mananampalataya na nauna pa sa inyo), Kami ay nagtalaga ng ritwal ng sakripisyo, upang kanilang mabanggit ang Pangalan ni Allah sa (sandali nang) pagkatay ng mga hayop na Kanyang ipinagkaloob sa kanila bilang sakripisyo. At ang inyong Diyos ay Isang Diyos (si Allah), kaya't sa Kanya lamang kayo sumuko. At ikaw (O Muhammad), ay magpahayag ng magandang balita sa mga sumusunod kay Allah ng may kapakumbabaan.

ٱلَّذِينَ إِذَا ذُكِرَ ٱللَّهُ وَجِلَتْ قُلُوبُهُمْ وَٱلصَّٰبِرِينَ عَلَىٰ مَآ أَصَابَهُمْ وَٱلْمُقِيمِى ٱلصَّلَوٰةِ وَمِمَّا

35. Sila na ang puso ay tigib ng pangangamba kung si Allah ay nababanggit; na matiyagang nagbabata sa anumang sumapit sa kanila (na

[42] Ang mga nabanggit sa talata 27 hanggang 31 ay isang obligasyon ng tao na nakalaan kay Allah.

kapinsalaan), at sila na nagsisipag-alay ng *Salah* (takdang pagdarasal) nang mahinusay, at gumugugol (sa Kapakanan ni Allah) sa mga biyaya na ipinagkaloob sa kanila.

رَزَقْنَٰهُمْ يُنفِقُونَ ﴿٣٥﴾

36. At ang mga kamelyo (at iba pang hayop, tulad ng baka o tupa na dala bilang pang-alay na sakripisyo ng mga nagsasagawa ng *Hajj* sa sagradong teritoryo ng lungsod ng Makkah) ay ginawa Namin sa inyo na kabilang sa mga Tanda ni Allah na inyong mapapakinabangan. Kaya't banggitin ninyo ang Pangalan ni Allah kung sila ay ilabas na at ihanay (upang isakripisyo). Kaya't kung sila ay maitumba na ninyo (matapos ang pagkatay), kayo ay magsikain dito, at pakainin ninyo ang mga pulubi na hindi nanghihingi (sa mga tao), at mga pulubi na namamalimos (sa mga tao). Kaya't ginawa Namin na sila ay mapailalim sa inyo upang kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat.

وَٱلْبُدْنَ جَعَلْنَٰهَا لَكُم مِّن شَعَٰٓئِرِ ٱللَّهِ لَكُمْ فِيهَا خَيْرٌ فَٱذْكُرُوا۟ ٱسْمَ ٱللَّهِ عَلَيْهَا صَوَآفَّ فَإِذَا وَجَبَتْ جُنُوبُهَا فَكُلُوا۟ مِنْهَا وَأَطْعِمُوا۟ ٱلْقَانِعَ وَٱلْمُعْتَرَّ كَذَٰلِكَ سَخَّرْنَٰهَا لَكُمْ لَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ ﴿٣٦﴾

37. Hindi ang kanilang laman o dugo ang nakakarating kay Allah, datapuwa't ang inyong pananampalataya ang nakakarating sa Kanya. Kaya't ginawa Namin na mapailalim sila sa inyo upang inyong itampok si Allah sa Kanyang naging patnubay sa inyo. At ibigay mo (O Muhammad) ang magandang balita sa lahat ng mga gumagawa ng kabutihan.

لَن يَنَالَ ٱللَّهَ لُحُومُهَا وَلَا دِمَآؤُهَا وَلَٰكِن يَنَالُهُ ٱلتَّقْوَىٰ مِنكُمْ كَذَٰلِكَ سَخَّرَهَا لَكُمْ لِتُكَبِّرُوا۟ ٱللَّهَ عَلَىٰ مَا هَدَىٰكُمْ وَبَشِّرِ ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿٣٧﴾

38. Katotohanang si Allah ang nagtatanggol sa mga sumasampalataya. Katotohanan! Si Allah ay hindi umiibig sa mga taksil at mga walang utang na loob sa Kanya (sila na mga sumusuway kay Allah, datapuwa't sumusunod kay Satanas).

إِنَّ ٱللَّهَ يُدَٰفِعُ عَنِ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يُحِبُّ كُلَّ خَوَّانٍ كَفُورٍ ﴿٣٨﴾

39. Ang kapahintulutan upang makipaglaban ay iginawad sa kanila (alalaong baga, ang mga sumasampalataya laban sa mga hindi sumasampalataya), na kumakalaban sa kanila, (at) dahilan sa sila (na mga sumasampalataya) ay ginawan ng kamalian, at katotohanang si Allah ay makapagkakaloob sa kanila (mga sumasampalataya) ng tagumpay -

أُذِنَ لِلَّذِينَ يُقَٰتَلُونَ بِأَنَّهُمْ ظُلِمُوا۟ وَإِنَّ ٱللَّهَ عَلَىٰ نَصْرِهِمْ لَقَدِيرٌ ﴿٣٩﴾

40. Sila na itinaboy sa kanilang mga tahanan ng walang katarungan sapagkat sila ay nagtatanggol sa karapatan (at sa kadahilanan) na sila ay

ٱلَّذِينَ أُخْرِجُوا۟ مِن دِيَٰرِهِم بِغَيْرِ حَقٍّ إِلَّآ أَن يَقُولُوا۟ رَبُّنَا ٱللَّهُ وَلَوْلَا دَفْعُ ٱللَّهِ ٱلنَّاسَ

بَعْضَهُم بِبَعْضٍ لَّهُدِّمَتْ صَوَٰمِعُ وَبِيَعٌ
وَصَلَوَٰتٌ وَمَسَٰجِدُ يُذْكَرُ فِيهَا ٱسْمُ
ٱللَّهِ كَثِيرًا ۗ وَلَيَنصُرَنَّ ٱللَّهُ مَن يَنصُرُهُۥٓ ۗ
إِنَّ ٱللَّهَ لَقَوِىٌّ عَزِيزٌ ﴿٤٠﴾

nagsasabi ng: "Ang aming Panginoon ay si Allah". At kung hindi lamang sa pagsalansang ni Allah sa ibang mga tao sa pamamagitan (rin) ng iba, ay marami ang mawawasak na mga monasteryo, mga simbahan, mga sinagoga, at mga *masjid* (bahay-dalanginan), kung saan ang Ngalan ni Allah ay ginugunita nang masagana. Katotohanang si Allah ay tutulong sa mga tao na tumutulong sa Kanyang (Kapakanan). Katotohanang si Allah ang Ganap na Malakas, ang Lubos na Makapangyarihan.

ٱلَّذِينَ إِن مَّكَّنَّٰهُمْ فِى ٱلْأَرْضِ أَقَامُوا۟
ٱلصَّلَوٰةَ وَءَاتَوُا۟ ٱلزَّكَوٰةَ وَأَمَرُوا۟
بِٱلْمَعْرُوفِ وَنَهَوْا۟ عَنِ ٱلْمُنكَرِ ۗ وَلِلَّهِ
عَٰقِبَةُ ٱلْأُمُورِ ﴿٤١﴾

41. Sila (na mga Muslim), na kung sila ay Aming pagkalooban ng kapangyarihan sa kalupaan, (sila) ay nag-uutos sa *Salah* (takdang pagdarasal nang mahinusay), at pagbabayad ng *Zakah* (takdang tulong na pangkawanggawa) at sila ay nag-aanyaya sa *Maruf* (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam at sa lahat ng ipinag-uutos nito) at nagbabawal sa *Munkar* (paganismo, kawalan ng pananampalataya at lahat ng ipinagbabawal sa Islam). At kay Allah nakasalalay ang kahihinatnan (kasasapitan) ng lahat ng mga pangyayari.

وَإِن يُكَذِّبُوكَ فَقَدْ كَذَّبَتْ قَبْلَهُمْ قَوْمُ
نُوحٍ وَعَادٌ وَثَمُودُ ﴿٤٢﴾

42. At kung sila ay nagtatwa (nagtakwil) sa iyo (O Muhammad), gayundin naman ang mga taong nauna pa sa kanila, ang mga tao ni Noah, (ang angkan) ng A'ad, at Thamud (ay nagtatwa sa kanilang mga Propeta),

وَقَوْمُ إِبْرَٰهِيمَ وَقَوْمُ لُوطٍ ﴿٤٣﴾

43. At ang mga tao ni Abraham, at ang mga tao ni Lut,

وَأَصْحَٰبُ مَدْيَنَ ۖ وَكُذِّبَ مُوسَىٰ ۖ فَأَمْلَيْتُ
لِلْكَٰفِرِينَ ثُمَّ أَخَذْتُهُمْ ۖ فَكَيْفَ كَانَ
نَكِيرِ ﴿٤٤﴾

44. At ang mga naninirahan sa Madyan (Midian), at pinasinungalingan (nila) si Moises, datapuwa't Aking binigyan ng palugit ang mga hindi sumasampalataya, at pagkatapos ay Aking sinakmal sila, at masdan kung gaano katindi ang Aking kaparusahan (laban sa kanilang mga kamalian)!

فَكَأَيِّن مِّن قَرْيَةٍ أَهْلَكْنَٰهَا وَهِىَ
ظَالِمَةٌ فَهِىَ خَاوِيَةٌ عَلَىٰ عُرُوشِهَا
وَبِئْرٍ مُّعَطَّلَةٍ وَقَصْرٍ مَّشِيدٍ ﴿٤٥﴾

45. At gaano na karaming bayan (pamayanan) ang Aming nang winasak habang sila ay nagugumon sa mga maling gawa, kaya't ito (ngayon) ay lugmok na mga guho, at (gaano na karami) ang mga iniwan na mga tuyong balon at matataas na kastilyo!

46. Hindi baga sila nagsipaglakbay sa kalupaan, at sila ay mayroong puso upang makapagmuni-muni, at mga tainga upang makarinig? Katotohanan, hindi ang mga mata ang nabubulag, datapuwa't ang puso na nasa loob ng dibdib ang nabubulag.

أَفَلَمْ يَسِيرُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ فَتَكُونَ لَهُمْ قُلُوبٌ يَعْقِلُونَ بِهَآ أَوْ ءَاذَانٌ يَسْمَعُونَ بِهَا ۖ فَإِنَّهَا لَا تَعْمَى ٱلْأَبْصَٰرُ وَلَٰكِن تَعْمَى ٱلْقُلُوبُ ٱلَّتِى فِى ٱلصُّدُورِ ﴿٤٦﴾

47. At hinihiling nila sa iyo na madaliin ang kaparusahan! Datapuwa't si Allah ay hindi makakaligta sa Kanyang Pangako. At katotohanang ang isang Araw kay Allah ay katumbas ng libong taon na inyong binibilang.

وَيَسْتَعْجِلُونَكَ بِٱلْعَذَابِ وَلَن يُخْلِفَ ٱللَّهُ وَعْدَهُۥ ۚ وَإِنَّ يَوْمًا عِندَ رَبِّكَ كَأَلْفِ سَنَةٍ مِّمَّا تَعُدُّونَ ﴿٤٧﴾

48. At gaano na karaming bayan (pamayanan) ang Aking nang pinalugitan sa pagsasaya samantalang ito ay gumon sa kabuktutan. (At sa katapusan), ito ay Aking sinaklot (ng kaparusahan), at sa Akin ang (huling) hantungan (patutunguhan).

وَكَأَيِّن مِّن قَرْيَةٍ أَمْلَيْتُ لَهَا وَهِىَ ظَالِمَةٌ ثُمَّ أَخَذْتُهَا ۖ وَإِلَىَّ ٱلْمَصِيرُ ﴿٤٨﴾

49. Ipagbadya (O Muhammad): "O sangkatauhan! Ako ay isinugo lamang sa inyo bilang isang lantad na tagapagbabala."

قُلْ يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ إِنَّمَآ أَنَا۠ لَكُمْ نَذِيرٌ مُّبِينٌ ﴿٤٩﴾

50. Kaya't sila na mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at gumagawa ng kabutihan, sasakanila ang Kapatawaran at marangal na kabuhayan (matimyas na gantimpala, alalaong baga, ang Paraiso).

فَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ لَهُم مَّغْفِرَةٌ وَرِزْقٌ كَرِيمٌ ﴿٥٠﴾

51. At sila na nagsisikap ng laban sa Aming *Ayat* (mga talata ng Qur'an) upang biguin at hadlangan sila, sila ang maninirahan sa Apoy ng Impiyerno.

وَٱلَّذِينَ سَعَوْ فِىٓ ءَايَٰتِنَا مُعَٰجِزِينَ أُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلْجَحِيمِ ﴿٥١﴾

52. Hindi Kami kailanman nagsugo nang una pa sa iyo ng Sugo o Propeta, maliban na kung siya ay nagpapahayag (ng rebelasyon), si Satanas ay naghahagis dito (ng ilang kasinungalingan). Datapuwa't si Allah ang pumapalis sa anumang inihahagis ni Satanas dito; at si Allah ang nagpapatatag ng Kanyang mga Talata (Rebelasyon). At si Allah ang Ganap na Nakakaalam, ang Tigib ng Karunungan,

وَمَآ أَرْسَلْنَا مِن قَبْلِكَ مِن رَّسُولٍ وَلَا نَبِىٍّ إِلَّآ إِذَا تَمَنَّىٰٓ أَلْقَى ٱلشَّيْطَٰنُ فِىٓ أُمْنِيَّتِهِۦ ۖ فَيَنسَخُ ٱللَّهُ مَا يُلْقِى ٱلشَّيْطَٰنُ ثُمَّ يُحْكِمُ ٱللَّهُ ءَايَٰتِهِۦ ۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ ﴿٥٢﴾

53. Upang gawin Niya (Allah) na ang anumang inihagis (pinaninindigan) ni Satanas ay maging pagsubok sa mga tao na ang puso ay may karamdaman (ng pagkukunwari at kawalan ng pananalig), at ang puso ay matitigas. At katotohanan, ang *Zalimun* (mga

لِّيَجْعَلَ مَا يُلْقِى ٱلشَّيْطَٰنُ فِتْنَةً لِّلَّذِينَ فِى قُلُوبِهِم مَّرَضٌ وَٱلْقَاسِيَةِ قُلُوبُهُمْ ۗ وَإِنَّ ٱلظَّٰلِمِينَ لَفِى شِقَاقٍۭ بَعِيدٍ ﴿٥٣﴾

buktot, buhong, pagano) ay nasa labis na pagsalungat sa Katotohanan (laban sa Sugo ni Allah at sa mga sumasampalataya),

وَلِيَعْلَمَ ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْعِلْمَ أَنَّهُ ٱلْحَقُّ مِن رَّبِّكَ فَيُؤْمِنُوا۟ بِهِۦ فَتُخْبِتَ لَهُۥ قُلُوبُهُمْ ۗ وَإِنَّ ٱللَّهَ لَهَادِ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِلَىٰ صِرَٰطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿٥٤﴾

54. Upang sila na mga nabigyan ng karunungan ay makaalam na ito (ang Qur'an) ay ang Katotohanan mula sa inyong Panginoon, at upang sila ay magsisampalataya rito, at ang kanilang puso ay tumalima rito ng may kapakumbabaan. At katotohanang si Allah ang Patnubay ng mga sumasampalataya sa Matuwid na Landas.

وَلَا يَزَالُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ فِى مِرْيَةٍ مِّنْهُ حَتَّىٰ تَأْتِيَهُمُ ٱلسَّاعَةُ بَغْتَةً أَوْ يَأْتِيَهُمْ عَذَابُ يَوْمٍ عَقِيمٍ ﴿٥٥﴾

55. At sila na mga hindi sumasampalataya ay hindi magsisitigil sa pag-aalinlangan dito (Qur'an) hanggang ang Oras ay dumatal nang kaginsa-ginsa sa kanila, o sumapit sa kanila ang kaparusahan ng Araw na wala nang magiging gabi (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay).

ٱلْمُلْكُ يَوْمَئِذٍ لِّلَّهِ يَحْكُمُ بَيْنَهُمْ ۚ فَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ فِى جَنَّٰتِ ٱلنَّعِيمِ ﴿٥٦﴾

56. Ang Kapamahalaan sa Araw na ito ay tanging kay Allah. Siya ang hahatol sa pagitan nila. Kaya't sila na mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at nagsigawa ng mga kabutihan ay mapapasa-Halamanan ng Kasiyahan (ang Paraiso).

وَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَكَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا فَأُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمْ عَذَابٌ مُّهِينٌ ﴿٥٧﴾

57. At sila na mga hindi sumasampalataya at nagpasinungaling sa Aming mga Talata (ng Qur'an), sasakanila ang kahiya-hiyang Kaparusahan (ang Impiyerno).

وَٱلَّذِينَ هَاجَرُوا۟ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ ثُمَّ قُتِلُوٓا۟ أَوْ مَاتُوا۟ لَيَرْزُقَنَّهُمُ ٱللَّهُ رِزْقًا حَسَنًا ۚ وَإِنَّ ٱللَّهَ لَهُوَ خَيْرُ ٱلرَّٰزِقِينَ ﴿٥٨﴾

58. Sila na mga nagsilikas tungo sa Kapakanan ni Allah at pagkatapos nito ay napatay o namatay, katotohanang si Allah ay magtutustos sa kanila ng mainam na panustos. At katotohanan, si Allah lamang ang Pinakamainam sa mga nagkakaloob ng panustos.

لَيُدْخِلَنَّهُم مُّدْخَلًا يَرْضَوْنَهُۥ ۗ وَإِنَّ ٱللَّهَ لَعَلِيمٌ حَلِيمٌ ﴿٥٩﴾

59. Katotohanang sila ay papapasukin Niya sa Paraiso na tunay namang sila ay masisiyahan, at katotohanang si Allah ay Ganap na Maalam, ang Pinakamapagparaya.

۞ ذَٰلِكَ وَمَنْ عَاقَبَ بِمِثْلِ مَا عُوقِبَ بِهِۦ ثُمَّ بُغِىَ عَلَيْهِ لَيَنصُرَنَّهُ ٱللَّهُ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَعَفُوٌّ غَفُورٌ ﴿٦٠﴾

60. At ito nga. At sinuman ang gumanti ng katulad ng kanyang sinapit, at pagkatapos ay muling binigyan ng siphayo, si Allah ay katotohanang tutulong sa kanya. Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpaparaya, ang Lagi nang Nagpapatawad.

ذَٰلِكَ بِأَنَّ ٱللَّهَ يُولِجُ ٱلَّيْلَ فِى ٱلنَّهَارِ وَيُولِجُ ٱلنَّهَارَ فِى ٱلَّيْلِ وَأَنَّ ٱللَّهَ سَمِيعٌۢ بَصِيرٌ ﴿٦١﴾

61. Ito ay dahil si Allah ang naglagom ng gabi sa araw at (Siya rin) ang naglagom ng araw sa gabi. At katotohanang si Allah ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Nakamamasid.

ذَٰلِكَ بِأَنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلْحَقُّ وَأَنَّ مَا يَدْعُونَ مِن دُونِهِۦ هُوَ ٱلْبَٰطِلُ وَأَنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلْعَلِىُّ ٱلْكَبِيرُ ﴿٦٢﴾

62. Ito ay dahil si Allah, - Siya ang Katotohanan (ang tunay na Diyos lamang ng lahat ng mga nilalang), at ang kanilang tinatawagan (mga diyus-diyosan) maliban pa sa Kanya ay *Batil* (kasinungalingan at kabulaanan). At katotohanang si Allah, - Siya ang Pinakamataas, ang Pinakadakila.

أَلَمْ تَرَ أَنَّ ٱللَّهَ أَنزَلَ مِنَ ٱلسَّمَآءِ مَآءً فَتُصْبِحُ ٱلْأَرْضُ مُخْضَرَّةً ۚ إِنَّ ٱللَّهَ لَطِيفٌ خَبِيرٌ ﴿٦٣﴾

63. Hindi mo ba namamasdan na si Allah ang nagpapamalisbis ng tubig (ulan) mula sa alapaap, at (dahil dito) ang kalupaan ay naging luntian? Katotohanang si Allah ang Pinakamabait (at Pinakamatulungin), ang Ganap na Nakatatalos ng lahat ng bagay.

لَّهُۥ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ ۚ وَإِنَّ ٱللَّهَ لَهُوَ ٱلْغَنِىُّ ٱلْحَمِيدُ ﴿٦٤﴾

64. Siya ang nag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at kalupaan. At katotohanang si Allah, - Siya ay Sagana (walang pangangailangan sa anuman), ang Karapat-dapat sa mga Papuri.

أَلَمْ تَرَ أَنَّ ٱللَّهَ سَخَّرَ لَكُم مَّا فِى ٱلْأَرْضِ وَٱلْفُلْكَ تَجْرِى فِى ٱلْبَحْرِ بِأَمْرِهِۦ وَيُمْسِكُ ٱلسَّمَآءَ أَن تَقَعَ عَلَى ٱلْأَرْضِ إِلَّا بِإِذْنِهِۦٓ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ بِٱلنَّاسِ لَرَءُوفٌ رَّحِيمٌ ﴿٦٥﴾

65. Hindi baga ninyo namamasdan (o sangkatauhan) na ipinailalim sa inyo ni Allah ang lahat ng nasa kalupaan, at ang mga barko na naglalayag sa dagat sa pamamagitan ng Kanyang Pag-uutos? Pinipigilan Niya ang kalangitan na huwag bumagsak sa kalupaan, malibang Kanyang pahintulutan. Katotohanang si Allah sa Sangkatauhan ay Tigib ng Kabaitan, ang Pinakamaawain.

وَهُوَ ٱلَّذِىٓ أَحْيَٰكُمْ ثُمَّ يُمِيتُكُمْ ثُمَّ يُحْيِيكُمْ ۗ إِنَّ ٱلْإِنسَٰنَ لَكَفُورٌ ﴿٦٦﴾

66. Siya ang naggawad sa inyo ng buhay, at Siya ang magbibigay sa inyo ng kamatayan, at muli ay bubuhay sa inyo (sa Araw ng Muling Pagkabuhay). Katotohanan, ang tao ay tunay na walang pagtanaw ng pasasalamat!

لِكُلِّ أُمَّةٍ جَعَلْنَا مَنسَكًا هُمْ نَاسِكُوهُ ۖ فَلَا يُنَٰزِعُنَّكَ فِى ٱلْأَمْرِ ۘ وَٱدْعُ إِلَىٰ رَبِّكَ ۖ إِنَّكَ لَعَلَىٰ هُدًى مُّسْتَقِيمٍ ﴿٦٧﴾

67. Sa bawat bansa (pamayanan) ay itinakda Namin ang mga pangrelihiyong seremonya (alalaong baga, ang pagsasakripisyo ng hayop sa panahon ng Pilgrimahe sa tatlong araw nang pananatili sa Mina roon sa Makkah) na dapat nilang sundin, kaya't huwag hayaan sila (mga pagano) na makipagtalo sa inyo sa mga bagay (na katulad nang pagkain ng inialay na hayop at

hindi ng hayop na pinatay ni Allah sa natural na kamatayan), datapuwa't inyong anyayahan sila sa inyong Panginoon. Katotohanan! Ikaw (O Muhammad) ay tunay na nasa Matuwid na Landas.

وَإِن جَٰدَلُوكَ فَقُلِ ٱللَّهُ أَعۡلَمُ بِمَا تَعۡمَلُونَ ﴿٦٨﴾

68. At kung sila ay makipagtalo sa iyo (tungkol sa pagkakatay ng mga sakripisyo), iyong sabihin: "Si Allah ang ganap na nakakaalam ng inyong ginagawa."

ٱللَّهُ يَحۡكُمُ بَيۡنَكُمۡ يَوۡمَ ٱلۡقِيَٰمَةِ فِيمَا كُنتُمۡ فِيهِ تَخۡتَلِفُونَ ﴿٦٩﴾

69. "Si Allah ang hahatol sa pagitan ninyo sa Araw ng Muling Pagkabuhay, tungkol sa mga bagay na hindi ninyo pinagkakasunduan."

أَلَمۡ تَعۡلَمۡ أَنَّ ٱللَّهَ يَعۡلَمُ مَا فِي ٱلسَّمَآءِ وَٱلۡأَرۡضِۗ إِنَّ ذَٰلِكَ فِي كِتَٰبٍۚ إِنَّ ذَٰلِكَ عَلَى ٱللَّهِ يَسِيرٞ ﴿٧٠﴾

70. Hindi baga ninyo nalalaman na si Allah ang nakababatid ng lahat ng nasa kalangitan at kalupaan? Katotohanan, ang lahat ng ito ay nasa isang Talaan (*Al-Lauh Al-Mahfuz*). Katotohanan! Ito ay magaan kay Allah.

وَيَعۡبُدُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ مَا لَمۡ يُنَزِّلۡ بِهِۦ سُلۡطَٰنٗا وَمَا لَيۡسَ لَهُم بِهِۦ عِلۡمٞۗ وَمَا لِلظَّٰلِمِينَ مِن نَّصِيرٖ ﴿٧١﴾

71. At sila ay sumasamba sa iba pa maliban kay Allah, doon sa mga bagay na hindi Siya nagpapanaog ng katibayan, at sila ay walang kaalaman tungkol doon, at sa *Zalimun* (mga buktot, buhong, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah) ay walang makatutulong.

وَإِذَا تُتۡلَىٰ عَلَيۡهِمۡ ءَايَٰتُنَا بَيِّنَٰتٖ تَعۡرِفُ فِي وُجُوهِ ٱلَّذِينَ كَفَرُواْ ٱلۡمُنكَرَۖ يَكَادُونَ يَسۡطُونَ بِٱلَّذِينَ يَتۡلُونَ عَلَيۡهِمۡ ءَايَٰتِنَاۗ قُلۡ أَفَأُنَبِّئُكُم بِشَرّٖ مِّن ذَٰلِكُمُۚ ٱلنَّارُ وَعَدَهَا ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ كَفَرُواْۖ وَبِئۡسَ ٱلۡمَصِيرُ ﴿٧٢﴾

72. At kung ang Aming Malilinaw na mga Talata ay dinadalit sa kanila, iyong mahahalata ang pagtatakwil sa mukha ng mga hindi sumasampalataya! Sila ay halos handa na, na lusubin ng may karahasan ang mga nagsisidalit ng Aming mga Talata sa kanila. Ipagbadya: "Sasabihin ko ba sa inyo ang isang bagay na masahol pa kaysa rito? Ang Apoy (ng Impiyerno) na ipinangako ni Allah sa mga hindi nananampalataya, at tunay na napakasama ng hantungang ito!"

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ ضُرِبَ مَثَلٞ فَٱسۡتَمِعُواْ لَهُۥٓۚ إِنَّ ٱلَّذِينَ تَدۡعُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ لَن يَخۡلُقُواْ ذُبَابٗا وَلَوِ ٱجۡتَمَعُواْ لَهُۥۖ وَإِن يَسۡلُبۡهُمُ ٱلذُّبَابُ شَيۡـٔٗا لَّا يَسۡتَنقِذُوهُ مِنۡهُۚ ضَعُفَ ٱلطَّالِبُ وَٱلۡمَطۡلُوبُ ﴿٧٣﴾

73. O sangkatauhan! Isang halimbawang paghahambing ang hinabi, kaya't makinig dito (nang mataman): "Katotohanan! Yaong mga tinatawagan (dinadalanginan) ninyo maliban kay Allah ay hindi makalilikha (kahit na) ng isang langaw, kahit na sila ay magsama-sama sa layuning ito. At kung ang langaw ay umagaw ng isang bagay sa kanila, sila ay walang

kapangyarihan na mabitawan ito (mula sa) langaw. Kaya't (kapwa) mahina ang naghahanap at hinahanap (alalaong baga, ang sumasamba at sinasamba).

مَا قَدَرُوا۟ ٱللَّهَ حَقَّ قَدْرِهِۦٓ ۖ إِنَّ ٱللَّهَ لَقَوِىٌّ عَزِيزٌ ﴿٧٤﴾

74. Hindi nila tinantiya (binigyang pagpapahalaga) si Allah (ng ayon) sa Kanyang Karapat-dapat na Katatayuan. Katotohanang si Allah ay Lubos na Malakas, ang Ganap na Makapangyarihan.

ٱللَّهُ يَصْطَفِى مِنَ ٱلْمَلَٰٓئِكَةِ رُسُلًا وَمِنَ ٱلنَّاسِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ سَمِيعٌۢ بَصِيرٌ ﴿٧٥﴾

75. Si Allah ay humihirang ng Kanyang mga Sugo mula sa (lipon) ng mga anghel at mula sa mga tao. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakarinig, ang Lubos na Nakamamasid.

يَعْلَمُ مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْ ۗ وَإِلَى ٱللَّهِ تُرْجَعُ ٱلْأُمُورُ ﴿٧٦﴾

76. Talastas Niya kung ano ang nasa harapan nila, at kung ano ang nasa likuran nila. At kay Allah ay magbabalik ang lahat ng bagay (sa pagpapasya).

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱرْكَعُوا۟ وَٱسْجُدُوا۟ وَٱعْبُدُوا۟ رَبَّكُمْ وَٱفْعَلُوا۟ ٱلْخَيْرَ لَعَلَّكُمْ تُفْلِحُونَ ﴿٧٧﴾

77. O kayong nagsisisampalataya! Magsiyuko kayo at magpatirapa, at sambahin ang inyong Panginoon at magsigawa ng kabutihan upang kayo ay magsipagtagumpay.

وَجَٰهِدُوا۟ فِى ٱللَّهِ حَقَّ جِهَادِهِۦ ۚ هُوَ ٱجْتَبَىٰكُمْ وَمَا جَعَلَ عَلَيْكُمْ فِى ٱلدِّينِ مِنْ حَرَجٍ ۚ مِّلَّةَ أَبِيكُمْ إِبْرَٰهِيمَ ۚ هُوَ سَمَّىٰكُمُ ٱلْمُسْلِمِينَ مِن قَبْلُ وَفِى هَٰذَا لِيَكُونَ ٱلرَّسُولُ شَهِيدًا عَلَيْكُمْ وَتَكُونُوا۟ شُهَدَآءَ عَلَى ٱلنَّاسِ ۚ فَأَقِيمُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ وَءَاتُوا۟ ٱلزَّكَوٰةَ وَٱعْتَصِمُوا۟ بِٱللَّهِ هُوَ مَوْلَىٰكُمْ ۖ فَنِعْمَ ٱلْمَوْلَىٰ وَنِعْمَ ٱلنَّصِيرُ ﴿٧٨﴾

78. At magsumikap (makipaglaban) nang tapat tungo sa Kapakanan (ng Relihiyon) ni Allah. Kayo ay hinirang Niya (upang iparating ang Kanyang Mensahe), at hindi Niya iginawad sa inyo sa relihiyon ang anumang kahirapan. (Ito ang) relihiyon ng inyong amang si Abraham (ang Islam). Siya (Allah) ang nagbigay sa inyo ng katawagang Muslim, na magkatulad maging noon at maging ngayon, upang ang Sugo (na si Muhammad) ay maging saksi sa inyo at kayo ay maging saksi sa sangkatauhan! Kaya't magsipag-alay kayo ng *Salah* (takdang panalangin) nang ganap at mahinusay, magkaloob ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa) at manangan nang mahigpit kay Allah (alalaong baga, ng may pagtitiwala sa Kanya na ang lahat ng bagay ay nasa Kanyang paghahawak). Siya ang inyong *Maula* (Patron, Panginoon), at gaano (Siya) Kainam na *Maula* (Patron, Panginoon), tunay ngang Siya ay Kapuri-puring Tagalingap!



Surah 23

Surat Al-Mu'minun
(Ang Mga Sumasampalataya)

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

قَدْ أَفْلَحَ الْمُؤْمِنُونَ ﴿١﴾

1. Katiyakang matatagumpay ang mga sumasampalataya.

الَّذِينَ هُمْ فِي صَلَاتِهِمْ خَاشِعُونَ ﴿٢﴾

2. Sila na nagsisipag-alay ng kanilang *Salah* (takdang panalangin) ng may kataimtiman at ganap na pagpapasakop.

وَالَّذِينَ هُمْ عَنِ اللَّغْوِ مُعْرِضُونَ ﴿٣﴾

3. At sila na lumalayo sa marumi (kasinungalingan, masama, walang kabutihang salita, at lahat ng mga ipinagbabawal ni Allah).

وَالَّذِينَ هُمْ لِلزَّكَاةِ فَاعِلُونَ ﴿٤﴾

4. At sila na nagbabayad ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa).

وَالَّذِينَ هُمْ لِفُرُوجِهِمْ حَافِظُونَ ﴿٥﴾

5. At sila na nangangalaga sa kanilang kalinisan (alalaong baga, sa labag na relasyong seksuwal, sa kanilang maseselang bahagi ng katawan),

إِلَّا عَلَىٰ أَزْوَاجِهِمْ أَوْ مَا مَلَكَتْ أَيْمَانُهُمْ فَإِنَّهُمْ غَيْرُ مَلُومِينَ ﴿٦﴾

6. Maliban sa kanilang mga asawa o yaong angkin ng kanilang kanang kamay (alalaong baga, ang mga alipin o bihag na babae na kanilang pag-aari), - sapagkat katiyakang sila ay hindi susumbatan;

فَمَنِ ابْتَغَىٰ وَرَاءَ ذَٰلِكَ فَأُولَٰئِكَ هُمُ الْعَادُونَ ﴿٧﴾

7. Datapuwa't sinumang maghanap nang higit pa rito, sila ang lumalabag sa hangganan ng kautusan;

وَالَّذِينَ هُمْ لِأَمَانَاتِهِمْ وَعَهْدِهِمْ رَاعُونَ ﴿٨﴾

8. Sila na matatapat sa mga ipinagkatiwala (inilagak) sa kanila at tumutupad sa mga kasunduan;

وَالَّذِينَ هُمْ عَلَىٰ صَلَوَاتِهِمْ يُحَافِظُونَ ﴿٩﴾

9. At sila na mahigpit na nagsasagawa (ng limang takdang) pagdarasal (sa tamang oras).

أُولَٰئِكَ هُمُ الْوَارِثُونَ ﴿١٠﴾

10. Katotohanang sila ang mga tagapagmana.

الَّذِينَ يَرِثُونَ الْفِرْدَوْسَ هُمْ فِيهَا خَالِدُونَ ﴿١١﴾

11. Sila ang magmamana ng *Firdaus* (Paraiso). Mananahan sila rito magpakailanman.

وَلَقَدْ خَلَقْنَا الْإِنسَانَ مِن سُلَالَةٍ مِّن طِينٍ ﴿١٢﴾

12. At katotohanang nilikha Namin ang tao (Adan) mula sa lagkit ng putik (tubig at lupa).

ثُمَّ جَعَلْنَٰهُ نُطْفَةً فِى قَرَارٍ مَّكِينٍ ﴿١٣﴾

13. At pagkatapos ay Aming nilikha siya (ang anak ni Adan) bilang isang *Nutfah* (magkahalong semilya ng lalaki at babae) at inilagak sa ligtas na himlayan (sinapupunan ng babae).

ثُمَّ خَلَقْنَا ٱلنُّطْفَةَ عَلَقَةً فَخَلَقْنَا ٱلْعَلَقَةَ مُضْغَةً فَخَلَقْنَا ٱلْمُضْغَةَ عِظَٰمًا فَكَسَوْنَا ٱلْعِظَٰمَ لَحْمًا ثُمَّ أَنشَأْنَٰهُ خَلْقًا ءَاخَرَ ۚ فَتَبَارَكَ ٱللَّهُ أَحْسَنُ ٱلْخَٰلِقِينَ ﴿١٤﴾

14. At pagkatapos ay ginawa Namin ang *Nutfah* na isang kimpal (isang makapal na piraso ng namuong dugo), at pagkatapos ay ginawa Namin ang kimpal sa isang maliit na tambok ng laman, at pagkatapos ay ginawa Namin mula sa tambok ng laman ang mga buto, at pagkatapos ay binalutan Namin ang mga buto ng laman, at pagkatapos ay Aming nilikha siya bilang bagong nilikha (tao). Kaya't papurihan si Allah, ang Pinakamahusay sa Tagapaglikha.

ثُمَّ إِنَّكُم بَعْدَ ذَٰلِكَ لَمَيِّتُونَ ﴿١٥﴾

15. Pagkatapos nito, katiyakang kayo ay mamamatay.

ثُمَّ إِنَّكُمْ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ تُبْعَثُونَ ﴿١٦﴾

16. At pagkatapos, (muli), katotohanang kayo ay ibabangon sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

وَلَقَدْ خَلَقْنَا فَوْقَكُمْ سَبْعَ طَرَآئِقَ وَمَا كُنَّا عَنِ ٱلْخَلْقِ غَٰفِلِينَ ﴿١٧﴾

17. At katotohanang nilikha Namin sa itaas ninyo ang pitong kalangitan (sa magkakasunod na patong) at kailanman ay hindi Kami nakaliligta sa (Aming) nilikha.

وَأَنزَلْنَا مِنَ ٱلسَّمَآءِ مَآءًۢ بِقَدَرٍ فَأَسْكَنَّٰهُ فِى ٱلْأَرْضِ ۖ وَإِنَّا عَلَىٰ ذَهَابٍۭ بِهِۦ لَقَٰدِرُونَ ﴿١٨﴾

18. At pinamalisbis Namin mula sa alapaap ang ulan sa (ganap) na sukat, at binigyan Namin ito ng himlayan sa lupa (alalaong baga, sinipsip ng lupa), at katotohanang magagawa Namin na mawala ito.

فَأَنشَأْنَا لَكُم بِهِۦ جَنَّٰتٍ مِّن نَّخِيلٍ وَأَعْنَٰبٍ لَّكُمْ فِيهَا فَوَٰكِهُ كَثِيرَةٌ وَمِنْهَا تَأْكُلُونَ ﴿١٩﴾

19. At inihantad Namin sa inyo mula rito ang mga halamanan ng punong palmera (datiles) at mga ubas, na rito ay may saganang bunga para sa inyo, at ito ay inyong kinakain.

وَشَجَرَةً تَخْرُجُ مِن طُورِ سَيْنَآءَ تَنۢبُتُ بِٱلدُّهْنِ وَصِبْغٍ لِّلْءَاكِلِينَ ﴿٢٠﴾

20. At ng puno (ng oliba) na tumutubo mula sa Bundok ng Sinai, na nagbibigay ng mantika (langis) at pagkain sa mga kumakain.

وَإِنَّ لَكُمْ فِى ٱلْأَنْعَٰمِ لَعِبْرَةً ۖ نُّسْقِيكُم مِّمَّا فِى بُطُونِهَا وَلَكُمْ فِيهَا مَنَٰفِعُ كَثِيرَةٌ وَمِنْهَا تَأْكُلُونَ ﴿٢١﴾

21. At katotohanan! Sa mga bakahan (hayupan) ay may tunay na aral sa inyo. Aming binigyan kayo ng inumin (gatas) na nanggagaling sa kanilang tiyan. At ang mga ito para sa inyo ay marami pang kapakinabangan, at ang mga ito ay inyong kinakain.

وَعَلَيْهَا وَعَلَى ٱلْفُلْكِ تُحْمَلُونَ ﴿٢٢﴾

22. At sa kanila, at sa mga barko, kayo ay naglalakbay (o dinadala).

وَلَقَدْ أَرْسَلْنَا نُوحًا إِلَىٰ قَوْمِهِۦ فَقَالَ يَٰقَوْمِ
ٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ مَا لَكُم مِّنْ إِلَٰهٍ غَيْرُهُۥٓ ۖ أَفَلَا
تَتَّقُونَ ﴿٢٣﴾

23. At katotohanang Aming isinugo si Noah sa kanyang pamayanan, at siya ay nagsabi: "O aking pamayanan! Sambahin ninyo si Allah! Wala na kayong ibang Diyos maliban sa Kanya. Hindi baga kayo nangangamba (sa Kanya, alalaong baga, sa Kanyang kaparusahan dahilan sa inyong pagsamba sa iba pa maliban sa Kanya)?"

فَقَالَ ٱلْمَلَؤُا۟ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِن قَوْمِهِۦ مَا هَٰذَآ إِلَّا
بَشَرٌ مِّثْلُكُمْ يُرِيدُ أَن يَتَفَضَّلَ عَلَيْكُمْ ۚ وَلَوْ
شَآءَ ٱللَّهُ لَأَنزَلَ مَلَٰٓئِكَةً مَّا سَمِعْنَا بِهَٰذَا فِىٓ
ءَابَآئِنَا ٱلْأَوَّلِينَ ﴿٢٤﴾

24. Datapuwa't yaong mga pinuno ng mga hindi sumasampalataya sa lipon ng kanyang mga tao ay nagsabi: "Siya (Noah) ay hindi hihigit pa sa isang tao na katulad ninyo, na nagnanais na maging mataas (mas mabuti kaysa) sa inyo. Kung ninais lamang ni Allah, katiyakang makapagsusugo Siya ng mga anghel; hindi namin kailanman narinig ang ganito sa aming mga ninuno."

إِنْ هُوَ إِلَّا رَجُلٌۢ بِهِۦ جِنَّةٌ فَتَرَبَّصُوا۟ بِهِۦ
حَتَّىٰ حِينٍ ﴿٢٥﴾

25. "Siya ay isang tao lamang na kinapitan ng kabaliwan, kaya't pansamantala kayong maghintay sa kanya."

قَالَ رَبِّ ٱنصُرْنِى بِمَا كَذَّبُونِ ﴿٢٦﴾

26 (Si Noah) ay nagsabi: "O aking Panginoon! Ako ay tulungan Ninyo sapagkat ako ay itinatakwil nila."

فَأَوْحَيْنَآ إِلَيْهِ أَنِ ٱصْنَعِ ٱلْفُلْكَ بِأَعْيُنِنَا
وَوَحْيِنَا فَإِذَا جَآءَ أَمْرُنَا وَفَارَ ٱلتَّنُّورُ
فَٱسْلُكْ فِيهَا مِن كُلٍّ زَوْجَيْنِ ٱثْنَيْنِ
وَأَهْلَكَ إِلَّا مَن سَبَقَ عَلَيْهِ ٱلْقَوْلُ
مِنْهُمْ ۖ وَلَا تُخَٰطِبْنِى فِى ٱلَّذِينَ ظَلَمُوٓا۟ ۖ إِنَّهُم
مُّغْرَقُونَ ﴿٢٧﴾

27. Kaya't siya ay binigyan Namin ng inspirasyon (na nagsasabi): "Balangkasin mo ang Barko sa Aming mga Mata (Aming Pagmamasid) at sa (pamamagitan ng) Aming inspirasyon (patnubay). Kaya't kung ang Aming pag-uutos (upang parusahan ang iyong mga tao) ay dumatal, at ang bangan ay umagos ng tubig, isakay sa barko ang dalawa (lalaki at babae) sa bawat uri ng nilikha, at ang iyong pamilya, maliban sa kanila na ang pagpapasya (ng pagkawasak) ay naitakda na. At huwag kang manikluhod sa Akin para sa kapakanan ng mga nagsigawa ng kamalian. Katotohanang sila ay lulunurin.

فَإِذَا ٱسْتَوَيْتَ أَنتَ وَمَن مَّعَكَ عَلَى ٱلْفُلْكِ فَقُلِ
ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ ٱلَّذِى نَجَّىٰنَا مِنَ ٱلْقَوْمِ
ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٢٨﴾

28. At kung kayo ay nakasakay na sa barko, at sinumang kasama mo, kayo ay magsabi: "Ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay kay Allah lamang, na nagligtas sa amin sa mga tao na *Zalimun* (mapang-api, mapaggawa ng kamalian, buktot at nagtatambal ng iba pa sa pagsamba kay Allah).

وَقُل رَّبِّ أَنزِلْنِى مُنزَلًا مُّبَارَكًا وَأَنتَ خَيْرُ
ٱلْمُنزِلِينَ ﴿٢٩﴾

29. At ipagbadya: "O Aking Panginoon! Hayaan Ninyo na dumaong kami sa punduhan ng pinagpalang lugar, sapagkat Kayo ang

Pinakamahusay sa mangangalaga (sa amin)."

إِنَّ فِي ذَٰلِكَ لَآيَاتٍ وَإِن كُنَّا لَمُبْتَلِينَ ﴿٣٠﴾

30. Katotohanan, dito ay mayroong tiyak na mga aral (tanda) para sa mga tao (upang makaunawa); bagama't Kami ay lagi nang sumusubok (sa Aming mga alipin).

ثُمَّ أَنشَأْنَا مِن بَعْدِهِمْ قَرْنًا آخَرِينَ ﴿٣١﴾

31. At pagkatapos nila, Kami ay lumikha ng iba pang saling-lahi.

فَأَرْسَلْنَا فِيهِمْ رَسُولًا مِّنْهُمْ أَنِ اعْبُدُوا اللَّهَ مَا لَكُم مِّنْ إِلَٰهٍ غَيْرُهُ ۖ أَفَلَا تَتَّقُونَ ﴿٣٢﴾

32. At nagsugo Kami ng Sugo mula sa kanilang lipon (na nagsasabi): "Sambahin si Allah! Wala na kayong ibang Diyos maliban sa Kanya. Hindi baga kayo nangangamba sa Kanya (alalaong baga, sa Kanyang kaparusahan dahilan sa inyong pagsamba sa iba maliban pa sa Kanya).

وَقَالَ الْمَلَأُ مِن قَوْمِهِ الَّذِينَ كَفَرُوا وَكَذَّبُوا بِلِقَاءِ الْآخِرَةِ وَأَتْرَفْنَاهُمْ فِي الْحَيَاةِ الدُّنْيَا مَا هَٰذَا إِلَّا بَشَرٌ مِّثْلُكُمْ يَأْكُلُ مِمَّا تَأْكُلُونَ مِنْهُ وَيَشْرَبُ مِمَّا تَشْرَبُونَ ﴿٣٣﴾

33. At ang mga pinuno ng kanyang pamayanan na hindi sumasampalataya at nagtatakwil sa muling pagkabuhay sa Kabilang Buhay, habang sila ay binigyan Namin ng kasaganaan at kaalwanan sa makamundong buhay na ito, ay nagsabi: "Siya ay hindi hihigit pa sa pagiging tao na katulad ninyo, siya ay kumakain ng inyong kinakain, at siya ay umiinom ng inyong iniinom.

وَلَئِنْ أَطَعْتُم بَشَرًا مِّثْلَكُمْ إِنَّكُمْ إِذًا لَّخَاسِرُونَ ﴿٣٤﴾

34. At kung kayo ay susunod sa isang tao na katulad ninyo, kung gayon, katotohanang kayo ay tiyak na mga talunan."

أَيَعِدُكُمْ أَنَّكُمْ إِذَا مِتُّمْ وَكُنتُمْ تُرَابًا وَعِظَامًا أَنَّكُم مُّخْرَجُونَ ﴿٣٥﴾

35. "Ipinangako ba niya sa inyo na kung kayo ay patay na at maging alabok at mga buto, na kayo ay muling ilalabas nang buhay (sa muling pagbangon)?

هَيْهَاتَ هَيْهَاتَ لِمَا تُوعَدُونَ ﴿٣٦﴾

36. Napakalayo, lubhang malayo ang sa inyo ay ipinangako."

إِنْ هِيَ إِلَّا حَيَاتُنَا الدُّنْيَا نَمُوتُ وَنَحْيَا وَمَا نَحْنُ بِمَبْعُوثِينَ ﴿٣٧﴾

37. "Wala ng iba pa maliban sa ating buhay sa mundong ito! Tayo ay mamamatay at tayo ay nabubuhay! At tayo ay hindi na muling ibabangon!"

إِنْ هُوَ إِلَّا رَجُلٌ افْتَرَىٰ عَلَى اللَّهِ كَذِبًا وَمَا نَحْنُ لَهُ بِمُؤْمِنِينَ ﴿٣٨﴾

38. "Isa lamang siyang tao na kumatha ng kasinungalingan laban kay Allah, subalit kami ay hindi maniniwala sa kanya."

قَالَ رَبِّ انصُرْنِي بِمَا كَذَّبُونِ ﴿٣٩﴾

39. Siya ay nagsabi: "O aking Panginoon! Ako ay Inyong tulungan sapagkat ako ay itinakwil nila."

قَالَ عَمَّا قَلِيلٍ لَّيُصْبِحُنَّ نَادِمِينَ ﴿٤٠﴾

40. (Si Allah) ay nagwika: "Sa pasumandali lamang, katotohanang sila ay magsisisi."

فَأَخَذَتْهُمُ الصَّيْحَةُ بِالْحَقِّ فَجَعَلْنَاهُمْ

41. Kaya't ang nakasisindak na Tili (Hiyaw o pagsabog mula sa kalangitan) ay sumakmal sa

kanila ng may katarungan, at sila ay ginawa Namin na tila basura ng mga patay na halaman. Kaya't itaboy ang mga tao na *Zalimun* (pagano, mapaggawa ng kamalian, walang pananampalataya sa Kaisahan ni Allah, palasuway sa Kanyang mga Sugo, buhong, buktot).

غُثَآءً فَبُعْدًا لِّلْقَوْمِ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٤١﴾

42. At pagkatapos nila, Kami ay lumikha ng mga iba pang saling-lahi.

ثُمَّ أَنشَأْنَا مِنۢ بَعْدِهِمْ قُرُونًا ءَاخَرِينَ ﴿٤٢﴾

43. Walang pamayanan ang makapagpapauna ng kanyang takdang panahon (ng kawakasan), o makakaantala niyaon.

مَا تَسْبِقُ مِنْ أُمَّةٍ أَجَلَهَا وَمَا يَسْتَـْٔخِرُونَ ﴿٤٣﴾

44. At pagkatapos ay aming isinugo ang Aming mga Sugo nang sunud-sunod; sa bawat panahon na may dumatal na Sugo sa kanyang pamayanan, sila ay nagtatakwil sa kanya, kaya't hinayaan Naming sumunod ang bawat isa sa kanila (sa pagkawasak), at Aming ginawa sila bilang mga sanaysay (sa sangkatauhan upang makaalam ng aral sa kanila). Kaya't kasawian sa mga tao na hindi nananampalataya.

ثُمَّ أَرْسَلْنَا رُسُلَنَا تَتْرَا ۖ كُلَّ مَا جَآءَ أُمَّةً رَّسُولُهَا كَذَّبُوهُ ۖ فَأَتْبَعْنَا بَعْضَهُم بَعْضًا وَجَعَلْنَٰهُمْ أَحَادِيثَ ۚ فَبُعْدًا لِّقَوْمٍ لَّا يُؤْمِنُونَ ﴿٤٤﴾

45. At pagkatapos ay isinugo Namin si Moises at ang kanyang kapatid na si Aaron na dala ang Aming *Ayat* (mga talata, tanda, aral, katibayan), at lantad na kapamahalaan,

ثُمَّ أَرْسَلْنَا مُوسَىٰ وَأَخَاهُ هَٰرُونَ بِـَٔايَٰتِنَا وَسُلْطَٰنٍ مُّبِينٍ ﴿٤٥﴾

46. Kay Paraon at sa kanyang mga punong kawal, datapuwa't sila ay mapagmalaki at lubhang mayayabang na tao.

إِلَىٰ فِرْعَوْنَ وَمَلَإِيْهِۦ فَٱسْتَكْبَرُوا۟ وَكَانُوا۟ قَوْمًا عَالِينَ ﴿٤٦﴾

47. Sila ay nagsabi: "Kami baga ay maniniwala sa dalawang tao (lalaki) na katulad namin; subalit, ang kanilang mga tao ay sumusunod sa amin ng may kapakumbabaan (at aming ginagamit sila upang paglingkuran kami sa aming kagustuhan)."

فَقَالُوٓا۟ أَنُؤْمِنُ لِبَشَرَيْنِ مِثْلِنَا وَقَوْمُهُمَا لَنَا عَٰبِدُونَ ﴿٤٧﴾

48. Kaya't kapwa nila itinakwil sila (Moises at Aaron), at sila (mga tao ni Paraon) ay napasama sa mga winasak.

فَكَذَّبُوهُمَا فَكَانُوا۟ مِنَ ٱلْمُهْلَكِينَ ﴿٤٨﴾

49. At katotohanang ipinagkaloob Namin kay Moises ang Kasulatan, upang sila ay mapatnubayan.

وَلَقَدْ ءَاتَيْنَا مُوسَى ٱلْكِتَٰبَ لَعَلَّهُمْ يَهْتَدُونَ ﴿٤٩﴾

50. At ginawa Namin ang anak ni Maria (si Hesus) at ang kanyang ina bilang isang Tanda, at Aming binigyan sila ng kublihan sa mataas na lupa bilang lugar ng kapahingahan, katiwasayan,

وَجَعَلْنَا ٱبْنَ مَرْيَمَ وَأُمَّهُۥٓ ءَايَةً وَءَاوَيْنَٰهُمَآ إِلَىٰ رَبْوَةٍ ذَاتِ قَرَارٍ وَمَعِينٍ ﴿٥٠﴾

at mga dumadaloy na batis.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلرُّسُلُ كُلُوا۟ مِنَ ٱلطَّيِّبَٰتِ وَٱعْمَلُوا۟ صَٰلِحًا ۖ إِنِّى بِمَا تَعْمَلُونَ عَلِيمٌ ﴿٥١﴾

51. "O (kayong) mga Sugo! Kumain kayo ng *Tayyibat* (lahat ng uri ng *Halal* [legal o pinahihintulutang] pagkain na ginawa ni Allah), at magsigawa ng kabutihan. Katotohanan! Ako ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ninyong ginagawa.

وَإِنَّ هَٰذِهِۦٓ أُمَّتُكُمْ أُمَّةً وَٰحِدَةً وَأَنَا۠ رَبُّكُمْ فَٱتَّقُونِ ﴿٥٢﴾

52. At katotohanan! Ang relihiyon ninyong ito (ang Islam at Kaisahan ni Allah) ay isang relihiyon, at Ako ang inyong Panginoon, kaya't kayo sa Akin ay (dapat) mangamba.

فَتَقَطَّعُوٓا۟ أَمْرَهُم بَيْنَهُمْ زُبُرًا ۖ كُلُّ حِزْبٍۭ بِمَا لَدَيْهِمْ فَرِحُونَ ﴿٥٣﴾

53. Datapuwa't sila (mga tao) ay bumuwag (sumira sa pamamagitan nang paghahati-hati) sa kanilang relihiyon sa maraming pangkat (iba't ibang sekta), at ang bawat pangkat (kung anuman ang mayroon sila) ay nagsisipagsaya (sa maling pananampalataya).

فَذَرْهُمْ فِى غَمْرَتِهِمْ حَتَّىٰ حِينٍ ﴿٥٤﴾

54. Kaya't panandaliang hayaan sila sa kanilang kamalian (hanggang ang kaparusahan ay dumatal sa kanila).

أَيَحْسَبُونَ أَنَّمَا نُمِدُّهُم بِهِۦ مِن مَّالٍ وَبَنِينَ ﴿٥٥﴾

55. Sila ba ay nag-aakala na Aming pinagpala sila sa kayamanan at mga anak,

نُسَارِعُ لَهُمْ فِى ٱلْخَيْرَٰتِ ۚ بَل لَّا يَشْعُرُونَ ﴿٥٦﴾

56. Daglian Naming (ipinagkaloob) sa kanila ang mababuting bagay (sa mundong ito upang sila ay walang makamtam na mabuting bagay sa Kabilang Buhay). Magkagayunman, ito ay hindi nila napag-aakala.

إِنَّ ٱلَّذِينَ هُم مِّنْ خَشْيَةِ رَبِّهِم مُّشْفِقُونَ ﴿٥٧﴾

57. Katotohanan! Sila na may pangingimi dahilan sa pangangamba sa kanilang Panginoon;

وَٱلَّذِينَ هُم بِـَٔايَٰتِ رَبِّهِمْ يُؤْمِنُونَ ﴿٥٨﴾

58. At sila na naniniwala sa *Ayat* (mga aral, talata, katibayan, tanda) ng kanilang Panginoon,

وَٱلَّذِينَ هُم بِرَبِّهِمْ لَا يُشْرِكُونَ ﴿٥٩﴾

59. At sila na hindi nagtatambal ng anupaman (sa pagsamba) sa kanilang Panginoon;

وَٱلَّذِينَ يُؤْتُونَ مَا ءَاتَوا۟ وَّقُلُوبُهُمْ وَجِلَةٌ أَنَّهُمْ إِلَىٰ رَبِّهِمْ رَٰجِعُونَ ﴿٦٠﴾

60. At sila na nagbibigay ng kawanggawa habang ang kanilang puso ay nangangamba (na baka ang kanilang mga gawa ay hindi tanggapin) sa pagbabalik sa kanilang Panginoon;

أُو۟لَٰٓئِكَ يُسَٰرِعُونَ فِى ٱلْخَيْرَٰتِ وَهُمْ لَهَا سَٰبِقُونَ ﴿٦١﴾

61. Sila yaong nagmamadali sa mababuting gawa, at dito ay nalalagpasan (nila ang iba).

وَلَا نُكَلِّفُ نَفْسًا إِلَّا وُسْعَهَا ۖ وَلَدَيْنَا كِتَٰبٌ يَنطِقُ بِٱلْحَقِّ ۚ وَهُمْ لَا يُظْلَمُونَ ﴿٦٢﴾

62. At hindi Kami naggagawad sa sinumang tao maliban sa maaabot ng kanyang kakayahan, at nasa sa Amin ang isang Talaan na nagsasabi ng katotohanan, at sila ay hindi mapapalungi.

بَلْ قُلُوبُهُمْ فِي غَمْرَةٍ مِّنْ هَٰذَا وَلَهُمْ أَعْمَالٌ مِّن دُونِ ذَٰلِكَ هُمْ لَهَا عَامِلُونَ ﴿٦٣﴾

63. Datapuwa't ang kanilang puso ay nababalutan ng kalituhan (sa pag-unawa sa Qur'an), at sila ay may iba pang (masasamang) gawa maliban pa rito na kanilang ginagawa.

حَتَّىٰ إِذَا أَخَذْنَا مُتْرَفِيهِم بِالْعَذَابِ إِذَا هُمْ يَجْأَرُونَ ﴿٦٤﴾

64. Hanggang nang saklutin Namin ang iba sa kanila na nagtatamasa ng marangyang buhay ng Aming kaparusahan (sa buhay sa mundong ito), kapagdaka, sila ay tumatangis (sa pananalangin kay Allah).

لَا تَجْأَرُوا الْيَوْمَ إِنَّكُم مِّنَّا لَا تُنصَرُونَ ﴿٦٥﴾

65. Huwag kayong manangis sa araw na ito! Katiyakang sa pamamagitan Namin, kayo ay hindi tutulungan (diringgin).

قَدْ كَانَتْ آيَاتِي تُتْلَىٰ عَلَيْكُمْ فَكُنتُمْ عَلَىٰ أَعْقَابِكُمْ تَنكِصُونَ ﴿٦٦﴾

66. Katotohanan, ang Aking mga Talata (noon pa man) ay dinadalit na sa inyo, datapuwa't kayo ay tumatalikod sa inyong sakong.

مُسْتَكْبِرِينَ بِهِ سَامِرًا تَهْجُرُونَ ﴿٦٧﴾

67. Kayo (mga paganong Quraish) ay nagmamalaki (sapagka't kayo ay naninirahan sa santuwaryo ng Makkah) at nag-uusap ng kasamaan sa gabi tungkol dito (ang Qur'an).

أَفَلَمْ يَدَّبَّرُوا الْقَوْلَ أَمْ جَاءَهُم مَّا لَمْ يَأْتِ آبَاءَهُمُ الْأَوَّلِينَ ﴿٦٨﴾

68. Kaya't hindi baga sila nagmumuni-muni sa Salita (ni Allah na ipinahayag Niya sa Propeta), o may dumatal kaya sa kanila na hindi pa dumatal sa kanilang mga ninuno?

أَمْ لَمْ يَعْرِفُوا رَسُولَهُمْ فَهُمْ لَهُ مُنكِرُونَ ﴿٦٩﴾

69. O ito ba'y sa dahilang hindi nila nakilala ang kanilang Sugo (na si Muhammad), kaya't kanilang itinatakwil siya?

أَمْ يَقُولُونَ بِهِ جِنَّةٌ بَلْ جَاءَهُم بِالْحَقِّ وَأَكْثَرُهُمْ لِلْحَقِّ كَارِهُونَ ﴿٧٠﴾

70. O sila ba ay nagsasabi: "Mayroong kabaliwan sa kanya?" Magkagayunman, kanyang dinala sa kanila ang Katotohanan, subalit ang karamihan sa kanila ay umaayaw sa katotohanan.

وَلَوِ اتَّبَعَ الْحَقُّ أَهْوَاءَهُمْ لَفَسَدَتِ السَّمَاوَاتُ وَالْأَرْضُ وَمَن فِيهِنَّ ۚ بَلْ أَتَيْنَاهُم بِذِكْرِهِمْ فَهُمْ عَن ذِكْرِهِم مُّعْرِضُونَ ﴿٧١﴾

71. At kung ang Katotohanan ay naging sang-ayon sa kanilang ninanasa, katotohanan, ang kalangitan at kalupaan, at anumang bagay na nasa pagitan nito ay maguguho! Magkagayunman, ipinarating Namin sa kanila ang kanilang Paala-ala (Mensahe), datapuwa't nagsitalikod sila sa kanilang Paala-ala.

أَمْ تَسْأَلُهُمْ خَرْجًا فَخَرَاجُ رَبِّكَ خَيْرٌ ۖ وَهُوَ خَيْرُ الرَّازِقِينَ ﴿٧٢﴾

72. O dili kaya, ikaw ba (O Muhammad) ay nanghihingi sa kanila ng bayad? Datapuwa't ang kabayaran (gantimpala) ng iyong Panginoon ay higit na mainam, at Siya ang Pinakamahusay sa lahat ng nagkakaloob ng panustos.

وَإِنَّكَ لَتَدْعُوهُمْ إِلَىٰ صِرَاطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿٧٣﴾

73. At katiyakan na ikaw (O Muhammad) ay

nanawagan sa kanila sa Matuwid na Landas (Tunay na Relihiyon - ang pananampalataya sa Kaisahan ni Allah).

وَإِنَّ ٱلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ بِٱلْءَاخِرَةِ عَنِ ٱلصِّرَٰطِ لَنَٰكِبُونَ ﴿٧٤﴾

74. At katotohanan, ang mga hindi nananampalataya sa Kabilang Buhay ay katiyakang lumilihis sa (tuwid na) Landas.

وَلَوْ رَحِمْنَٰهُمْ وَكَشَفْنَا مَا بِهِم مِّن ضُرٍّ لَّلَجُّوا۟ فِى طُغْيَٰنِهِمْ يَعْمَهُونَ ﴿٧٥﴾

75. At kahit na igawad Namin ang Habag sa kanila at Aming alisin ang anumang sa kanila ay nagpapahirap, magkagayunman, katotohanang sila ay lantarang magpapatuloy sa kanilang paglabag (sa kautusan), na nagpapalibut-libot na bulag.

وَلَقَدْ أَخَذْنَٰهُم بِٱلْعَذَابِ فَمَا ٱسْتَكَانُوا۟ لِرَبِّهِمْ وَمَا يَتَضَرَّعُونَ ﴿٧٦﴾

76. At katotohanang sila ay sinaklot Namin ng kaparusahan, datapuwa't sila ay hindi nagpakumbaba sa kanilang Panginoon, gayundin naman ay hindi sila lumuhog (kay Allah) ng may pagsuko sa Kanya.

حَتَّىٰٓ إِذَا فَتَحْنَا عَلَيْهِم بَابًا ذَا عَذَابٍ شَدِيدٍ إِذَا هُمْ فِيهِ مُبْلِسُونَ ﴿٧٧﴾

77. Hanggang nang Aming buksan sa harapan nila ang tarangkahan ng matinding kaparusahan, kapagdaka, dito ay mapapasakalagayan sila sa kawalan ng pag-asa (paghihirap at hinagpis).

وَهُوَ ٱلَّذِىٓ أَنشَأَ لَكُمُ ٱلسَّمْعَ وَٱلْأَبْصَٰرَ وَٱلْأَفْـِٔدَةَ ۖ قَلِيلًا مَّا تَشْكُرُونَ ﴿٧٨﴾

78. Siya (Allah) ang lumikha sa inyo ng (senso ng) pandinig (tainga), paningin (mata), at puso (pang-unawa). Kakarampot na pasasalamat (lamang) ang inyong isinusukli.

وَهُوَ ٱلَّذِى ذَرَأَكُمْ فِى ٱلْأَرْضِ وَإِلَيْهِ تُحْشَرُونَ ﴿٧٩﴾

79. At Siya ang lumikha sa inyo sa kalupaan, at kayo sa Kanya ay muling titipunin.

وَهُوَ ٱلَّذِى يُحْىِۦ وَيُمِيتُ وَلَهُ ٱخْتِلَٰفُ ٱلَّيْلِ وَٱلنَّهَارِ ۚ أَفَلَا تَعْقِلُونَ ﴿٨٠﴾

80. At Siya ang nagkakaloob ng buhay at Siya rin ang naggagawad ng kamatayan, at sa Kanya (ang kapamahalaan) nang pagsasalisihan ng gabi at araw. Hindi baga kayo nakakaunawa?

بَلْ قَالُوا۟ مِثْلَ مَا قَالَ ٱلْأَوَّلُونَ ﴿٨١﴾

81. Datapuwa't sila ay nangusap ng katulad nang mga sinasabi ng mga nanga-unang tao.

قَالُوٓا۟ أَءِذَا مِتْنَا وَكُنَّا تُرَابًا وَعِظَٰمًا أَءِنَّا لَمَبْعُوثُونَ ﴿٨٢﴾

82. Sila ay nagsabi: "Kung kami ba ay patay na at naging alabok at mga buto, katiyakan bang kami ay muling ibabangon?"

لَقَدْ وُعِدْنَا نَحْنُ وَءَابَآؤُنَا هَٰذَا مِن قَبْلُ إِنْ هَٰذَآ إِلَّآ أَسَٰطِيرُ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿٨٣﴾

83. "Katotohanang ito ang ipinangako (tinuran) sa amin, kami at ng aming mga ninuno na una pa (sa amin). Ito ay isa lamang sa mga kathang-isip ng sinaunang panahon!"

قُل لِّمَنِ ٱلْأَرْضُ وَمَن فِيهَآ إِن كُنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿٨٤﴾

84. Ipagbadya: "Kanino ang kalupaan at anu-ano ang nakapaloob dito, kung inyong nalalaman?"

85. Tiyak na sila ay magsasabi: "Ito ay kay Allah!" Ipagbadya: "Hindi baga kayo makakaala-ala?"

سَيَقُولُونَ لِلَّهِ ۚ قُلْ أَفَلَا تَذَكَّرُونَ ﴿٨٥﴾

86. Ipagbadya: "Sino ang Panginoon ng pitong kalangitan, at ang Panginoon ng Dakilang *'Arsh* (Trono o Luklukan)?"

قُلْ مَن رَّبُّ ٱلسَّمَٰوَٰتِ ٱلسَّبْعِ وَرَبُّ ٱلْعَرْشِ ٱلْعَظِيمِ ﴿٨٦﴾

87. Tiyak na sila ay magsasabi: "Si Allah". Ipagbadya: "Hindi baga kayo nangangamba sa Kanya (ang manalig sa Kanyang Kaisahan, sundin Siya, maniwala sa Muling Pagkabuhay at Kabayaran sa bawat isa at lahat ng mabuti at masamang gawa)?"

سَيَقُولُونَ لِلَّهِ ۚ قُلْ أَفَلَا تَتَّقُونَ ﴿٨٧﴾

88. Ipagbadya: "Nasa Kaninong Kamay (paghahawak) ang kapamahalaan ng lahat ng bagay (alalaong baga, ang kayamanan ng lahat ng bagay)"? At Siya ang nangangalaga sa (lahat), datapuwa't Siya ay walang tagapangalaga kung inyo lamang nalalaman.

قُلْ مَنۢ بِيَدِهِۦ مَلَكُوتُ كُلِّ شَىْءٍ وَهُوَ يُجِيرُ وَلَا يُجَارُ عَلَيْهِ إِن كُنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿٨٨﴾

89. Tiyak na sila ay magsasabi: "(Ang lahat ay nasa pag-aangkin) ni Allah." Ipagbadya: "Kung gayon, paano kayong nalinlang (at tumalikod sa katotohanan)?"

سَيَقُولُونَ لِلَّهِ ۚ قُلْ فَأَنَّىٰ تُسْحَرُونَ ﴿٨٩﴾

90. Magkagayunman ay ipinarating Namin sa kanila ang Katotohanan (ang pananampalataya sa Kaisahan ni Allah), at katotohanang sila (ang mga hindi sumasampalataya) ay mga sinungaling.

بَلْ أَتَيْنَٰهُم بِٱلْحَقِّ وَإِنَّهُمْ لَكَٰذِبُونَ ﴿٩٠﴾

91. Si Allah ay hindi nag-angkin ng anumang anak (na lalaki o supling), gayundin ay wala kailanman na anumang diyos na katambal Niya; (at kung mayroon mang iba pang diyos), ang bawat diyos ay kukuha sa anumang kanyang nilikha, at ang iba ay magpipilit na madaig ang iba! Maluwalhati si Allah nang higit sa lahat ng mga iniaakibat nila sa Kanya!

مَا ٱتَّخَذَ ٱللَّهُ مِن وَلَدٍ وَمَا كَانَ مَعَهُۥ مِنْ إِلَٰهٍ ۚ إِذًا لَّذَهَبَ كُلُّ إِلَٰهٍۭ بِمَا خَلَقَ وَلَعَلَا بَعْضُهُمْ عَلَىٰ بَعْضٍ ۚ سُبْحَٰنَ ٱللَّهِ عَمَّا يَصِفُونَ ﴿٩١﴾

92. Ang Lubos na Nakakaalam ng mga nalilingid at nakalantad! Higit siyang Mataas sa lahat ng mga itinatambal nila sa Kanya!

عَٰلِمِ ٱلْغَيْبِ وَٱلشَّهَٰدَةِ فَتَعَٰلَىٰ عَمَّا يُشْرِكُونَ ﴿٩٢﴾

93. Ipagbadya (O Muhammad): "O Aking Panginoon! Kung Inyo sanang ipamamalas sa akin ang bagay na sa kanila ay ipinangako (ang ibinabantang kaparusahan), -

قُل رَّبِّ إِمَّا تُرِيَنِّى مَا يُوعَدُونَ ﴿٩٣﴾

94. "O Aking Panginoon! (Ako ay iligtas Ninyo sa Inyong kaparusahan), at ako ay huwag Ninyong ibilang sa mga tao na mapaggawa ng kamalian."

رَبِّ فَلَا تَجْعَلْنِى فِى ٱلْقَوْمِ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٩٤﴾

95. At katotohanang magagawa Naming

وَإِنَّا عَلَىٰٓ أَن نُّرِيَكَ مَا نَعِدُهُمْ لَقَٰدِرُونَ ﴿٩٥﴾

ipamalas sa iyo (O Muhammad) ang bagay na Aming ipinangako (ibinabanta) sa kanila.

96. (Iyong) salansangin ang kasamaan ng isang kabutihan (kabaitan). Kami ay Ganap na Nakatatalos sa lahat nilang ipinahahayag (inilalarawan).

ٱدْفَعْ بِٱلَّتِى هِىَ أَحْسَنُ ٱلسَّيِّئَةَ ۚ نَحْنُ أَعْلَمُ بِمَا يَصِفُونَ ﴿٩٦﴾

97. At ipagbadya: "Aking Panginoon! Ako ay napapakalinga sa Inyo sa mga ibinubulong (inuulot) ng mga demonyo.

وَقُل رَّبِّ أَعُوذُ بِكَ مِنْ هَمَزَٰتِ ٱلشَّيَٰطِينِ ﴿٩٧﴾

98. At ako ay napapakalinga sa Inyo; O Panginoon, laban sa kanilang pagtungo sa akin."

وَأَعُوذُ بِكَ رَبِّ أَن يَحْضُرُونِ ﴿٩٨﴾

99. Hanggang (nang) ang kamatayan ay sumapit sa isa sa kanila (na hindi sumasampalataya), at nagsabi: "O Aking Panginoon! Ako ay muli Ninyong ibalik (sa mundo),

حَتَّىٰٓ إِذَا جَآءَ أَحَدَهُمُ ٱلْمَوْتُ قَالَ رَبِّ ٱرْجِعُونِ ﴿٩٩﴾

100. Upang ako ay makagawa ng kabutihan sa mga bagay na aking naiwan (napabayaan)!" Hindi, ito ay isa lamang salita na kanyang ipinangungusap, at may (hadlang sa kanilang pagbabalik sa mundo, ang buhay sa) *Barzakh* (ang buhay matapos ang kamatayan), hanggang sa Araw na sila ay muling ibabangon.

لَعَلِّىٓ أَعْمَلُ صَٰلِحًا فِيمَا تَرَكْتُ ۚ كَلَّآ ۚ إِنَّهَا كَلِمَةٌ هُوَ قَآئِلُهَا ۖ وَمِن وَرَآئِهِم بَرْزَخٌ إِلَىٰ يَوْمِ يُبْعَثُونَ ﴿١٠٠﴾

101. At kung ang Tambuli ay mahipan, walang magiging pagkakamag-anak sa pagitan nila sa Araw na ito, gayundin, sila ay hindi magtatanungan sa isa't isa.

فَإِذَا نُفِخَ فِى ٱلصُّورِ فَلَآ أَنسَابَ بَيْنَهُمْ يَوْمَئِذٍ وَلَا يَتَسَآءَلُونَ ﴿١٠١﴾

102. At sila na ang timbangan (ng mabuting gawa) ay mabigat, - sila ang matatagumpay.

فَمَن ثَقُلَتْ مَوَٰزِينُهُۥ فَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْمُفْلِحُونَ ﴿١٠٢﴾

103. At sila na ang timbangan (ng mabuting gawa) ay magaan, - sila yaong ipinatalo nila ang kanilang sarili, - sa Impiyerno sila ay mananatili.

وَمَنْ خَفَّتْ مَوَٰزِينُهُۥ فَأُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ خَسِرُوٓا۟ أَنفُسَهُمْ فِى جَهَنَّمَ خَٰلِدُونَ ﴿١٠٣﴾

104. Ang Apoy ay susunog sa kanilang mukha, at dito sila ay nakasimangot (dahil sa pagkasunog).

تَلْفَحُ وُجُوهَهُمُ ٱلنَّارُ وَهُمْ فِيهَا كَٰلِحُونَ ﴿١٠٤﴾

105. "Hindi baga ang Aming mga Talata (ang Qur'an) ay dinadalit sa inyo, at kayo ay (lagi nang) nagtatakwil dito?"

أَلَمْ تَكُنْ ءَايَٰتِى تُتْلَىٰ عَلَيْكُمْ فَكُنتُم بِهَا تُكَذِّبُونَ ﴿١٠٥﴾

106. Sila ay magsasabi: "O Aming Panginoon! Ang aming kabuktutan ay nakapanaig sa amin, at kami ay mga palasuway (naligaw) na tao."

قَالُوا۟ رَبَّنَا غَلَبَتْ عَلَيْنَا شِقْوَتُنَا وَكُنَّا قَوْمًا ضَآلِّينَ ﴿١٠٦﴾

107. "O Aming Panginoon! Kami ay hanguin Ninyo rito, at kung kami ay sakaling magbalik sa kasamaan, katotohanang kami ay *Zalimun*

رَبَّنَآ أَخْرِجْنَا مِنْهَا فَإِنْ عُدْنَا فَإِنَّا ظَٰلِمُونَ ﴿١٠٧﴾

(mga buktot, buhong, pagano).

قَالَ اخْسَـُٔوا۟ فِيهَا وَلَا تُكَلِّمُونِ ﴿١٠٨﴾

108. Siya (Allah) ay magwiwika: "Manatili kayo riyan na kinamumuhian! At huwag kayong mangusap sa Akin!"

إِنَّهُۥ كَانَ فَرِيقٌ مِّنْ عِبَادِى يَقُولُونَ رَبَّنَآ ءَامَنَّا فَٱغْفِرْ لَنَا وَٱرْحَمْنَا وَأَنتَ خَيْرُ ٱلرَّٰحِمِينَ ﴿١٠٩﴾

109. Katotohanan! Mayroong pangkat ng Aking mga alipin ang nagsasabi: "O Aming Panginoon! Kami ay sumampalataya, kaya't Inyong patawarin kami, at gawaran kami ng habag, sapagkat Kayo ang Pinakamahusay sa lahat ng nagpapamalas ng Habag!"

فَٱتَّخَذْتُمُوهُمْ سِخْرِيًّا حَتَّىٰٓ أَنسَوْكُمْ ذِكْرِى وَكُنتُم مِّنْهُمْ تَضْحَكُونَ ﴿١١٠﴾

110. Datapuwa't sila (mga mananampalataya) ay itinuring ninyo na katatawanan, na naging dahilan upang inyong makalimutan ang Pag-aala-ala sa Akin habang kayo ay nanglilibak sa kanila!

إِنِّى جَزَيْتُهُمُ ٱلْيَوْمَ بِمَا صَبَرُوٓا۟ أَنَّهُمْ هُمُ ٱلْفَآئِزُونَ ﴿١١١﴾

111. Katotohanan! Ako ay nagkaloob sa kanila ng gantimpala sa Araw na ito dahilan sa kanilang pagtitiyaga, katotohanang sila ang matatagumpay.

قَٰلَ كَمْ لَبِثْتُمْ فِى ٱلْأَرْضِ عَدَدَ سِنِينَ ﴿١١٢﴾

112. Siya (Allah) ay magwiwika: "Ilang taon ba kayong nanatili sa lupa?"

قَالُوا۟ لَبِثْنَا يَوْمًا أَوْ بَعْضَ يَوْمٍ فَسْـَٔلِ ٱلْعَآدِّينَ ﴿١١٣﴾

113. Sila ay magsasabi: "Kami ay nanatili ng isang araw o bahagi ng isang araw. Tanungin ang mga nagtatala (nagbibilang)."

قَٰلَ إِن لَّبِثْتُمْ إِلَّا قَلِيلًا لَّوْ أَنَّكُمْ كُنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿١١٤﴾

114. Siya (Allah) ay magwiwika: "Nanatili lamang kayo nang sandali, - kung inyo lamang nalalaman!"

أَفَحَسِبْتُمْ أَنَّمَا خَلَقْنَٰكُمْ عَبَثًا وَأَنَّكُمْ إِلَيْنَا لَا تُرْجَعُونَ ﴿١١٥﴾

115. "Kayo ba ay nag-aakala na Amin lamang nilikha kayo sa paglalaro (na walang layunin), at kayo ay hindi muling magbabalik sa Amin?"

فَتَعَٰلَى ٱللَّهُ ٱلْمَلِكُ ٱلْحَقُّ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ رَبُّ ٱلْعَرْشِ ٱلْكَرِيمِ ﴿١١٦﴾

116. Higit na Kataas-taasan si Allah, ang tunay na Hari, *La ilaha illa Huwa* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), ang Panginoon ng Dakilang *'Arsh* (Trono o Luklukan)!

وَمَن يَدْعُ مَعَ ٱللَّهِ إِلَٰهًا ءَاخَرَ لَا بُرْهَٰنَ لَهُۥ بِهِۦ فَإِنَّمَا حِسَابُهُۥ عِندَ رَبِّهِۦٓ ۚ إِنَّهُۥ لَا يُفْلِحُ ٱلْكَٰفِرُونَ ﴿١١٧﴾

117. At sinuman ang manalangin (o sumamba) sa iba pang diyos maliban kay Allah, na wala naman siyang katibayan dito, kung gayon, ang kanyang pagsusulit ay tanging sa kanyang Panginoon lamang. Katotohanan, ang mga *Kafir* (hindi sumasampalataya) ay hindi magsisipagtagumpay!

وَقُل رَّبِّ ٱغْفِرْ وَٱرْحَمْ وَأَنتَ خَيْرُ ٱلرَّٰحِمِينَ ﴿١١٨﴾

118. At ipagbadya (O Muhammad): "O Aking Panginoon! Magkaloob Kayo ng pagpapatawad at habag! Sapagkat Kayo ang Pinakamahusay sa mga nagpapamalas ng Habag!"



Surah 24

Surat An-Nur
(Ang Liwanag)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. (Ito) ang *Surah* (ng Qur'an) na Aming ipinanaog at ginawa (ang nilalaman nito) na obligado[43] , at dito ay ipinahayag ang mga talata na may maliwanag na katibayan upang kayo ay makaala-ala.

سُورَةٌ أَنزَلْنَٰهَا وَفَرَضْنَٰهَا وَأَنزَلْنَا فِيهَآ ءَايَٰتٍۭ بَيِّنَٰتٍ لَّعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ ﴿١﴾

2. Ang *Zaniyah* (mangangalunyang babae) at ang *Zani* (mangangalunyang lalaki) ay hagupitin, ang bawat isa sa kanila ng isang daang hampas.[44] At huwag hayaan ang awa na makapigil sa inyo (sa pagsasakatuparan) ng Relihiyon (Batas) ni Allah, kung kayo ay tunay na sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw. At hayaan ang isang pangkat ng mga sumasampalataya ay makasaksi sa kanilang parusa.

ٱلزَّانِيَةُ وَٱلزَّانِى فَٱجْلِدُوا۟ كُلَّ وَٰحِدٍ مِّنْهُمَا مِاْئَةَ جَلْدَةٍ ۖ وَلَا تَأْخُذْكُم بِهِمَا رَأْفَةٌ فِى دِينِ ٱللَّهِ إِن كُنتُمْ تُؤْمِنُونَ بِٱللَّهِ وَٱلْيَوْمِ ٱلْءَاخِرِ ۖ وَلْيَشْهَدْ عَذَابَهُمَا طَآئِفَةٌ مِّنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٢﴾

3. Ang mangangalunyang lalaki ay hindi (marapat) na mag-asawa maliban sa isang mangangalunyang babae o *Mushrikah* (mapagsamba sa mga diyus-diyosan), at ang mangangalunyang babae (puta) ay hindi pinapangasawa ng iba maliban sa mangangalunyang lalaki o *Mushrik* (mapagsamba sa mga diyus-diyosan), at ang gayong (pag-aasawa sa mga taong ito) ay ipinagbawal sa mga sumasampalataya (sa Islam).

ٱلزَّانِى لَا يَنكِحُ إِلَّا زَانِيَةً أَوْ مُشْرِكَةً وَٱلزَّانِيَةُ لَا يَنكِحُهَآ إِلَّا زَانٍ أَوْ مُشْرِكٌ ۚ وَحُرِّمَ ذَٰلِكَ عَلَى ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٣﴾

4. At sila na nagpaparatang (ng pakikiapid) sa malilinis na mga babae, at hindi makapagtanghal ng apat na saksi, hagupitin sila ng walumpung hampas, at huwag tanggapin mula sa kanila ang kanilang pagsaksi kahit na kailan, katotohanang sila ay *Fasiqun* (mga sinungaling, palasuway,

وَٱلَّذِينَ يَرْمُونَ ٱلْمُحْصَنَٰتِ ثُمَّ لَمْ يَأْتُوا۟ بِأَرْبَعَةِ شُهَدَآءَ فَٱجْلِدُوهُمْ ثَمَٰنِينَ جَلْدَةً وَلَا تَقْبَلُوا۟ لَهُمْ شَهَٰدَةً أَبَدًا ۚ وَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْفَٰسِقُونَ ﴿٤﴾

---

[43] Alalaong baga, itinakda ang mga legal na Batas nito na dapat sundin.

[44] Ang parusang ito ay para sa isang Muslim na hindi nakapag-asawa nang legal, na napatunayan na nagkasala ng gayong krimen o umamin ng kanyang kasalanan, datapuwa't kung ang nagkasala ay nakapag-asawa nang legal, ang kaparusahan ay batuhin sila hanggang sa mamatay ayon sa Batas ni Allah. (Ibn Kathir, Vol. 7/18)

mapaghimagsik kay Allah),

إِلَّا ٱلَّذِينَ تَابُوا۟ مِنۢ بَعْدِ ذَٰلِكَ وَأَصْلَحُوا۟ فَإِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٥﴾

5. Maliban lamang sa kanila na nagsisisi pagkatapos nito at nagsisigawa ng kabutihan, (sa gayon), katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَٱلَّذِينَ يَرْمُونَ أَزْوَٰجَهُمْ وَلَمْ يَكُن لَّهُمْ شُهَدَآءُ إِلَّآ أَنفُسُهُمْ فَشَهَٰدَةُ أَحَدِهِمْ أَرْبَعُ شَهَٰدَٰتٍۭ بِٱللَّهِ ۙ إِنَّهُۥ لَمِنَ ٱلصَّٰدِقِينَ ﴿٦﴾

6. At sila na nagpaparatang (ng pakikiapid) sa kanilang mga asawang babae, datapuwa't wala silang saksi maliban sa kanilang sarili, ang magiging saksi ng isa sa kanila ay marapat na (siya) ay sumumpa kay Allah (sa harapan ng hukom) ng apat na beses (na pagsumpa) na siya ay nagsasabi ng katotohanan.

وَٱلْخَٰمِسَةُ أَنَّ لَعْنَتَ ٱللَّهِ عَلَيْهِ إِن كَانَ مِنَ ٱلْكَٰذِبِينَ ﴿٧﴾

7. At ang ikalimang (pagsumpa) ay (kanyang sasabihin na) mangyari (nawa) na ang Poot ni Allah ay mapasakanya kung siya ay nagsisinungaling.

وَيَدْرَؤُا۟ عَنْهَا ٱلْعَذَابَ أَن تَشْهَدَ أَرْبَعَ شَهَٰدَٰتٍۭ بِٱللَّهِ ۙ إِنَّهُۥ لَمِنَ ٱلْكَٰذِبِينَ ﴿٨﴾

8. At mapipigilan ang kaparusahan sa kanya (babae) kung siya ay magbibigay ng apat na pagsumpa kay Allah na ang kanyang asawa (lalaki) ay nagsisinungaling.

وَٱلْخَٰمِسَةَ أَنَّ غَضَبَ ٱللَّهِ عَلَيْهَآ إِن كَانَ مِنَ ٱلصَّٰدِقِينَ ﴿٩﴾

9. At ang ikalimang (pagsumpa) ay (kanyang sasabihin na) mangyari (nawa) na ang Poot ni Allah ay mapasakanya (babae), kung siya (lalaki) ay nagsasabi ng katotohanan.

وَلَوْلَا فَضْلُ ٱللَّهِ عَلَيْكُمْ وَرَحْمَتُهُۥ وَأَنَّ ٱللَّهَ تَوَّابٌ حَكِيمٌ ﴿١٠﴾

10. At kung hindi lamang sa Pagpapala ni Allah at Kanyang Habag sa inyo (minadali sana Niya ang kaparusahan sa inyo)! At katotohanang si Allah ay Lagi nang nagpapatawad, ang Tigib ng Karunungan.

إِنَّ ٱلَّذِينَ جَآءُو بِٱلْإِفْكِ عُصْبَةٌ مِّنكُمْ ۚ لَا تَحْسَبُوهُ شَرًّا لَّكُم ۖ بَلْ هُوَ خَيْرٌ لَّكُمْ ۚ لِكُلِّ ٱمْرِئٍ مِّنْهُم مَّا ٱكْتَسَبَ مِنَ ٱلْإِثْمِ ۚ وَٱلَّذِى تَوَلَّىٰ كِبْرَهُۥ مِنْهُمْ لَهُۥ عَذَابٌ عَظِيمٌ ﴿١١﴾

11. Katotohanan! Sila na nagkakalat ng paninirang-puri (laban kay Aisha, ang asawa ng Propeta) ay isang pangkat sa lipon ninyo. Huwag ninyong isaalang-alang na ito ay masamang bagay sa inyo. Hindi, ito ay mabuti sa inyo.[45] Ang bawat isa sa kanila ay magkakamit (ng kaparusahan) ayon sa kanyang ginawang kasalanan, at siya (Abdullah bin Ubayya) na may malaking bahagi (ng kasalanang ito), sasakanya ang matinding parusa.

لَّوْلَآ إِذْ سَمِعْتُمُوهُ ظَنَّ ٱلْمُؤْمِنُونَ وَٱلْمُؤْمِنَٰتُ بِأَنفُسِهِمْ خَيْرًا وَقَالُوا۟ هَٰذَآ إِفْكٌ مُّبِينٌ ﴿١٢﴾

12. Bakit kaya ang mga sumasampalatayang lalaki at babae ay hindi nag-iisip ng mabuti nang kanilang marinig itong paninirang-puri at

[45] Alalaong baga, marapat na ang kasinungalingan ay mapatunayan kaysa ang malagay sa eskandalo at kahihiyan.

magsabi: "Ang (paratang) na ito ay lantarang kasinungalingan?"

13. Bakit kaya sila hindi nagtanghal ng apat na saksi? At kung sila (mga mapanirang-puri) ay hindi makapagtanghal ng mga saksi, katotohanang sila ay mga sinungaling.

لَّوْلَا جَآءُو عَلَيْهِ بِأَرْبَعَةِ شُهَدَآءَ ۚ فَإِذْ لَمْ يَأْتُوا۟ بِٱلشُّهَدَآءِ فَأُو۟لَٰٓئِكَ عِندَ ٱللَّهِ هُمُ ٱلْكَٰذِبُونَ ﴿١٣﴾

14. Kung hindi lamang sa Pagpapala ni Allah at Kanyang Habag sa inyo sa mundong ito at sa Kabilang Buhay, isang malaking kaparusahan ang daranasin ninyo dahilan sa inyong mga sinabi,

وَلَوْلَا فَضْلُ ٱللَّهِ عَلَيْكُمْ وَرَحْمَتُهُۥ فِى ٱلدُّنْيَا وَٱلْءَاخِرَةِ لَمَسَّكُمْ فِى مَآ أَفَضْتُمْ فِيهِ عَذَابٌ عَظِيمٌ ﴿١٤﴾

15. Nang inyong ipinamamalita ito ng inyong dila, at sinasambit ng inyong bibig na wala naman kayong kaalaman, at ito ay itinuturing ninyo na isang maliit na bagay, datapuwa't ito ay lubhang malaki sa Paningin ni Allah.

إِذْ تَلَقَّوْنَهُۥ بِأَلْسِنَتِكُمْ وَتَقُولُونَ بِأَفْوَٰهِكُم مَّا لَيْسَ لَكُم بِهِۦ عِلْمٌ وَتَحْسَبُونَهُۥ هَيِّنًا وَهُوَ عِندَ ٱللَّهِ عَظِيمٌ ﴿١٥﴾

16. At bakit kaya nang ito ay inyong marinig, kayo ay hindi nagsabi ng: "Hindi isang katampatan para sa amin na mangusap ng ganito. Luwalhatiin Kayo (O Allah), ito ay isang malaking paninirang-puri (kasinungalingan)."

وَلَوْلَآ إِذْ سَمِعْتُمُوهُ قُلْتُم مَّا يَكُونُ لَنَآ أَن نَّتَكَلَّمَ بِهَٰذَا سُبْحَٰنَكَ هَٰذَا بُهْتَٰنٌ عَظِيمٌ ﴿١٦﴾

17. Si Allah ay nagbababala sa inyo na kahit kailanman; huwag na kayong magbalik sa gayong pag-uugali, kung kayo ay tunay na sumasampalataya.

يَعِظُكُمُ ٱللَّهُ أَن تَعُودُوا۟ لِمِثْلِهِۦٓ أَبَدًا إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ﴿١٧﴾

18. At ginawa ni Allah na maging maliwanag sa inyo ang *Ayat* (mga talata, katibayan, tanda, aral), at si Allah ang Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan.

وَيُبَيِّنُ ٱللَّهُ لَكُمُ ٱلْءَايَٰتِ ۚ وَٱللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ ﴿١٨﴾

19. Katotohanan, sila na nagkakagusto na ipagkalat (ipamalita) ang kalaswaang balita (ang pagpaparatang kay 'Aisha) sa lipon ng mga nagsisampalataya, sasakanila ang kasakit-sakit na kaparusahan sa mundong ito at sa Kabilang Buhay. At si Allah ang nakakaalam at kayo ay hindi.

إِنَّ ٱلَّذِينَ يُحِبُّونَ أَن تَشِيعَ ٱلْفَٰحِشَةُ فِى ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ فِى ٱلدُّنْيَا وَٱلْءَاخِرَةِ ۚ وَٱللَّهُ يَعْلَمُ وَأَنتُمْ لَا تَعْلَمُونَ ﴿١٩﴾

20. At kung hindi lamang sa Pagpapala ni Allah at Kanyang Habag sa inyo (minadali sana Niya ang kaparusahan sa inyo). At si Allah ay Tigib ng Kabaitan, ang Pinakamaawain.

وَلَوْلَا فَضْلُ ٱللَّهِ عَلَيْكُمْ وَرَحْمَتُهُۥ وَأَنَّ ٱللَّهَ رَءُوفٌ رَّحِيمٌ ﴿٢٠﴾

21. O kayong sumasampalataya! Huwag

۞ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَتَّبِعُوا۟ خُطُوَٰتِ

ninyong sundan ang mga yapak ni Satanas. At sinumang sumunod sa mga yapak ni Satanas, katotohanang siya ay nag-aanyaya sa kalaswaan (imoralidad at kahalayan) at kasamaan (kawalan ng paniniwala, pagsamba sa mga diyus-diyosan at mga ipinagbabawal na gawain). At kung hindi lamang sa Pagpapala ni Allah at sa Kanyang Habag sa inyo, walang sinuman sa inyo kahit kailanman ang magiging dalisay (malinis sa mga kasalanan). Datapuwa't si Allah ang nagpapadalisay (gumagabay sa Islam) sa sinumang Kanyang maibigan, at si Allah ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam.

ٱلشَّيْطَٰنِ ۚ وَمَن يَتَّبِعْ خُطُوَٰتِ ٱلشَّيْطَٰنِ فَإِنَّهُۥ يَأْمُرُ بِٱلْفَحْشَآءِ وَٱلْمُنكَرِ ۚ وَلَوْلَا فَضْلُ ٱللَّهِ عَلَيْكُمْ وَرَحْمَتُهُۥ مَا زَكَىٰ مِنكُم مِّنْ أَحَدٍ أَبَدًا وَلَٰكِنَّ ٱللَّهَ يُزَكِّى مَن يَشَآءُ ۗ وَٱللَّهُ سَمِيعٌ عَلِيمٌ ﴿٢١﴾

22. At sila na biniyayaan ng pagpapala at kayamanan ay huwag manumpa na (sila) ay hindi magbibigay ng anumang tulong sa kanilang mga kamag-anak, sa mga *Miskin* (mahihirap), at *Muhajireen* (mga lumilikas sa ibang bayan) dahilan sa Kapakanan ni Allah. At hayaan silang magpatawad at magparaya. Hindi baga ninyo naiibigan na si Allah ay magpatawad sa inyo? At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَلَا يَأْتَلِ أُو۟لُوا۟ ٱلْفَضْلِ مِنكُمْ وَٱلسَّعَةِ أَن يُؤْتُوٓا۟ أُو۟لِى ٱلْقُرْبَىٰ وَٱلْمَسَٰكِينَ وَٱلْمُهَٰجِرِينَ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ ۖ وَلْيَعْفُوا۟ وَلْيَصْفَحُوٓا۟ ۗ أَلَا تُحِبُّونَ أَن يَغْفِرَ ٱللَّهُ لَكُمْ ۗ وَٱللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٢٢﴾

23. Katotohanan, ang mga nagpaparatang sa mga malilinis na babae, na hindi man lamang nag-iisip ng anumang bagay na sisira sa kanilang kalinisan, at matuwid na sumasampalataya, sila (na nagpaparatang) ay isinumpa sa buhay na ito at sa Kabilang Buhay, at sa kanila ay nakalaan ang matinding Kaparusahan,-

إِنَّ ٱلَّذِينَ يَرْمُونَ ٱلْمُحْصَنَٰتِ ٱلْغَٰفِلَٰتِ ٱلْمُؤْمِنَٰتِ لُعِنُوا۟ فِى ٱلدُّنْيَا وَٱلْءَاخِرَةِ وَلَهُمْ عَذَابٌ عَظِيمٌ ﴿٢٣﴾

24. Sa Araw na ang kanilang dila, ang kanilang mga kamay, at ang kanilang mga paa ay magbibigay-saksi laban sa kanila sa anumang kanilang ginawa.

يَوْمَ تَشْهَدُ عَلَيْهِمْ أَلْسِنَتُهُمْ وَأَيْدِيهِمْ وَأَرْجُلُهُم بِمَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿٢٤﴾

25. Sa Araw na yaon ay babayaran ni Allah nang lubos ang kanilang tunay na kabayaran (alalaong baga, ang karapat-dapat na ganti), at kanilang mapag-aalaman na tanging si Allah, - Siya ang Maliwanag na Katotohanan.

يَوْمَئِذٍ يُوَفِّيهِمُ ٱللَّهُ دِينَهُمُ ٱلْحَقَّ وَيَعْلَمُونَ أَنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلْحَقُّ ٱلْمُبِينُ ﴿٢٥﴾

26. Ang masasamang babae (mahalay), ay para sa masasamang lalaki (mahalay), at ang masasamang lalaki ay para sa masasamang

ٱلْخَبِيثَٰتُ لِلْخَبِيثِينَ وَٱلْخَبِيثُونَ لِلْخَبِيثَٰتِ ۖ وَٱلطَّيِّبَٰتُ لِلطَّيِّبِينَ وَٱلطَّيِّبُونَ لِلطَّيِّبَٰتِ ۚ

babae. At ang mababuting babae (malinis) ay para sa mababuting lalaki, at ang mababuting lalaki (malinis) ay para sa mababuting babae, ang gayong (mababuting tao) ay ipinagbadya na walang malay sa masasamang pangungusap na kanilang inuusal, (at) sasakanila ang Pagpapatawad at *Rizqun Karim* (alalaong baga, marangal na panustos, ang Paraiso).

أُوْلَٰٓئِكَ مُبَرَّءُونَ مِمَّا يَقُولُونَ ۖ لَهُم مَّغْفِرَةٌ وَرِزْقٌ كَرِيمٌ ﴿٢٦﴾

27. O kayong sumasampalataya! Huwag kayong magsipasok sa mga bahay na hindi sa inyo, hanggang kayo ay hindi nabibigyan ng pahintulot at inyong mabati sila na nandoroon, ito ay higit na mainam sa inyo upang kayo ay makaala-ala.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَدْخُلُوا۟ بُيُوتًا غَيْرَ بُيُوتِكُمْ حَتَّىٰ تَسْتَأْنِسُوا۟ وَتُسَلِّمُوا۟ عَلَىٰٓ أَهْلِهَا ۚ ذَٰلِكُمْ خَيْرٌ لَّكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ ﴿٢٧﴾

28. At kung wala kayong matagpuan doon, gayunpaman, huwag kayong magsipasok hanggang walang naibibigay na pahintulot. At kung kayo ay pagsabihan na magsibalik, kayo ay magsibalik, sapagkat ito ay higit na dalisay sa inyo, at si Allah ang Ganap na Nakakaalam ng inyong ginagawa.

فَإِن لَّمْ تَجِدُوا۟ فِيهَآ أَحَدًا فَلَا تَدْخُلُوهَا حَتَّىٰ يُؤْذَنَ لَكُمْ ۖ وَإِن قِيلَ لَكُمُ ٱرْجِعُوا۟ فَٱرْجِعُوا۟ ۖ هُوَ أَزْكَىٰ لَكُمْ ۚ وَٱللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ عَلِيمٌ ﴿٢٨﴾

29. Hindi isang kasalanan sa inyo kung kayo ay magsipasok (ng walang pahintulot) sa mga bahay na hindi na tinitirhan, na roon ay (makasusumpong) kayo ng kaginhawahan para sa inyo. At si Allah ang may kaalaman sa inyong inilalantad at inyong inililingid.

لَّيْسَ عَلَيْكُمْ جُنَاحٌ أَن تَدْخُلُوا۟ بُيُوتًا غَيْرَ مَسْكُونَةٍ فِيهَا مَتَٰعٌ لَّكُمْ ۚ وَٱللَّهُ يَعْلَمُ مَا تُبْدُونَ وَمَا تَكْتُمُونَ ﴿٢٩﴾

30. Ipahayag sa mga sumasampalatayang lalaki na ibaba nila ang kanilang paningin (sa pagtingin sa mga ipinagbabawal na bagay), at pangalagaan ang kanilang maselang bahagi ng katawan (na ito ay malantad, at sa mga ipinagbabawal na gawa). Ito ay higit na dalisay para sa kanila. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakatatalos ng kanilang ginagawa.

قُل لِّلْمُؤْمِنِينَ يَغُضُّوا۟ مِنْ أَبْصَٰرِهِمْ وَيَحْفَظُوا۟ فُرُوجَهُمْ ۚ ذَٰلِكَ أَزْكَىٰ لَهُمْ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ خَبِيرٌۢ بِمَا يَصْنَعُونَ ﴿٣٠﴾

31. At ipahayag sa mga sumasampalatayang babae na ibaba nila ang kanilang paningin (sa pagtingin sa mga ipinagbabawal na bagay) at pangalagaan ang kanilang maselang bahagi ng katawan (na ito ay malantad, at sa mga ipinagbabawal na gawa) at huwag ilantad ang kanilang mga palamuti maliban lamang kung ano ang (nararapat) na nakalitaw (katulad ng palad, o dalawang mata upang makita ang daan,

وَقُل لِّلْمُؤْمِنَٰتِ يَغْضُضْنَ مِنْ أَبْصَٰرِهِنَّ وَيَحْفَظْنَ فُرُوجَهُنَّ وَلَا يُبْدِينَ زِينَتَهُنَّ إِلَّا مَا ظَهَرَ مِنْهَا ۖ وَلْيَضْرِبْنَ بِخُمُرِهِنَّ عَلَىٰ جُيُوبِهِنَّ ۖ وَلَا يُبْدِينَ زِينَتَهُنَّ إِلَّا لِبُعُولَتِهِنَّ أَوْ

o ang panglabas na kasuutan katulad ng belo o takip ng ulo, guwantes) at iladlad ang kanilang belo hanggang sa kanilang dibdib (alalaong baga, sa kanilang katawan, mukha, leeg, dibdib) at huwag ilantad ang kanilang palamuti maliban lamang sa kanilang asawa, sa kanilang ama, sa ama ng kanilang asawa, sa kanilang anak na lalaki, sa anak na lalaki ng kanilang asawa, sa kanilang kapatid na lalaki at sa mga anak na lalaki ng kanilang kapatid, o sa mga anak na lalaki ng kanilang kapatid na babae, o sa mga kababaihang [Muslim], (alalaong baga, sa kanilang mga kapatid na babae sa Islam), ang kanilang kababaihan na angkin ng kanilang kanang kamay (alalaong baga, ang mga alipin), o mga katulong na matatandang lalaki na hindi na mapusok, o maliliit na batang (lalaki) na wala pang muwang sa pribadong patsada (harapan) ng kababaihan. At huwag hayaan na ipadyak nila ang kanilang mga paa upang malantad ang anumang natatago nilang palamuti. At magbalik-loob kayo kay Allah sa pagsisisi, lahat kayo, - O mga sumasampalataya, upang kayo ay magsipagtagumpay!

ءَابَآئِهِنَّ أَوْ ءَابَآءِ بُعُولَتِهِنَّ أَوْ أَبْنَآئِهِنَّ أَوْ أَبْنَآءِ بُعُولَتِهِنَّ أَوْ إِخْوَٰنِهِنَّ أَوْ بَنِىٓ إِخْوَٰنِهِنَّ أَوْ بَنِىٓ أَخَوَٰتِهِنَّ أَوْ نِسَآئِهِنَّ أَوْ مَا مَلَكَتْ أَيْمَٰنُهُنَّ أَوِ ٱلتَّٰبِعِينَ غَيْرِ أُو۟لِى ٱلْإِرْبَةِ مِنَ ٱلرِّجَالِ أَوِ ٱلطِّفْلِ ٱلَّذِينَ لَمْ يَظْهَرُوا۟ عَلَىٰ عَوْرَٰتِ ٱلنِّسَآءِ ۖ وَلَا يَضْرِبْنَ بِأَرْجُلِهِنَّ لِيُعْلَمَ مَا يُخْفِينَ مِن زِينَتِهِنَّ ۚ وَتُوبُوٓا۟ إِلَى ٱللَّهِ جَمِيعًا أَيُّهَ ٱلْمُؤْمِنُونَ لَعَلَّكُمْ تُفْلِحُونَ ﴿٣١﴾

32. At inyong pangasawahin ang wala pang asawa sa lipon ninyo, gayundin (ay inyong pangasawahin) ang *Salihun* (mga matutuwid, matatapat, matimtiman na mga aliping lalaki at mga aliping babae). Kung sila man ay naging maralita, si Allah ang magkakaloob sa kanila ng yaman mula sa Kanyang Kasaganaan. At si Allah ay Lubos na Nakasasakop (sa lahat ng pangangailangan ng Kanyang mga nilikha), ang Lubos na Maalam (hinggil sa katatayuan ng mga tao).

وَأَنكِحُوا۟ ٱلْأَيَٰمَىٰ مِنكُمْ وَٱلصَّٰلِحِينَ مِنْ عِبَادِكُمْ وَإِمَآئِكُمْ ۚ إِن يَكُونُوا۟ فُقَرَآءَ يُغْنِهِمُ ٱللَّهُ مِن فَضْلِهِۦ ۗ وَٱللَّهُ وَٰسِعٌ عَلِيمٌ ﴿٣٢﴾

33. At hayaan sila na hindi pa nagkakaroon (ng pangkabuhayang kakayahan) upang mag-asawa na magtimpi (sila sa bawal na pakikipagtalik at panatilihin ang kanilang sarili na maging malinis), hanggang si Allah ay magkaloob sa kanila ng yaman mula sa Kanyang Kasaganaan. At sa inyong mga alipin na naghahanap ng kasulatan (ng pagpapalaya), ipagkaloob ninyo sa kanila ang gayong kasulatan, kung inyong batid na sila ay mabuti at mapagkakatiwalaan. At inyong pagkalooban sila ng bahagi ng inyong

وَلْيَسْتَعْفِفِ ٱلَّذِينَ لَا يَجِدُونَ نِكَاحًا حَتَّىٰ يُغْنِيَهُمُ ٱللَّهُ مِن فَضْلِهِۦ ۗ وَٱلَّذِينَ يَبْتَغُونَ ٱلْكِتَٰبَ مِمَّا مَلَكَتْ أَيْمَٰنُكُمْ فَكَاتِبُوهُمْ إِنْ عَلِمْتُمْ فِيهِمْ خَيْرًا ۖ وَءَاتُوهُم مِّن مَّالِ ٱللَّهِ ٱلَّذِىٓ ءَاتَىٰكُمْ ۚ وَلَا تُكْرِهُوا۟ فَتَيَٰتِكُمْ عَلَى ٱلْبِغَآءِ إِنْ أَرَدْنَ تَحَصُّنًا لِّتَبْتَغُوا۟ عَرَضَ ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا ۚ وَمَن يُكْرِههُّنَّ فَإِنَّ ٱللَّهَ مِنۢ بَعْدِ

sariling (yaman) mula sa kayamanan na ipinagkaloob (ni Allah) sa inyo. At huwag ninyong pilitin (na mabulid) ang inyong mga aliping babae sa prostitusyon (pagbibili ng panandaliang aliw), kung sila ay naghahangad ng kalinisan, upang kayo ay magkamit (lamang) ng kapakinabangan (sa naglalahong paninda) ng makamundong buhay. At kung sinuman ang pumilit sa kanila (sa prostitusyon o pagbibili ng panandaliang aliw), katiyakang kung gayon, si Allah (sa kanila), matapos ang pamimilit sa kanila, ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamahabagin (sa gayong mga babae, alalaong baga, Siya ay magpapatawad sa kanila sapagkat sila ay sapilitang pinagawa ng ganitong kasamaan nang laban sa kanilang kagustuhan).

إِكْرَٰهِهِنَّ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٣٣﴾

34. At katotohanang ipinanaog Namin sa inyo ang maliwanag na *Ayat* (mga talata, katibayan, tanda, aral,), at ang halimbawa ng (mga tao) na pumanaw na nang una pa sa inyo, at bilang isang paala-ala sa mga nangangamba kay Allah.

وَلَقَدْ أَنزَلْنَآ إِلَيْكُمْ ءَايَٰتٍ مُّبَيِّنَٰتٍ وَمَثَلًا مِّنَ ٱلَّذِينَ خَلَوْا۟ مِن قَبْلِكُمْ وَمَوْعِظَةً لِّلْمُتَّقِينَ ﴿٣٤﴾

35. Si Allah ang Liwanag ng kalangitan at kalupaan. Ang kahambing ng Kanyang Liwanag ay katulad (ng wari ba ay) mayroong isang lumbo at sa loob nito ay mayroong ilawan, ang ilawan ay nasa loob ng isang salamin, ang salamin ay tila ba isang maningning na bituin, na sinindihan mula sa pinagpalang puno, isang oliba, hindi mula sa silangan, at hindi mula sa kanluran, na ang langis (nito) ay mangyayaring magpatuloy na mag-apoy (magningning) [mula sa sarili nito], bagama't walang apoy ang nagsisindi rito. Liwanag mula sa Liwanag! Si Allah ang namamatnubay sa Kanyang Liwanag sa sinumang Kanyang maibigan. At si Allah ay nagpapamalas ng mga paghahambing sa sangkatauhan, at si Allah ang Lubos na Nakakaalam ng lahat ng bagay.

۞ ٱللَّهُ نُورُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ مَثَلُ نُورِهِۦ كَمِشْكَوٰةٍ فِيهَا مِصْبَاحٌ ۖ ٱلْمِصْبَاحُ فِى زُجَاجَةٍ ۖ ٱلزُّجَاجَةُ كَأَنَّهَا كَوْكَبٌ دُرِّىٌّ يُوقَدُ مِن شَجَرَةٍ مُّبَٰرَكَةٍ زَيْتُونَةٍ لَّا شَرْقِيَّةٍ وَلَا غَرْبِيَّةٍ يَكَادُ زَيْتُهَا يُضِىٓءُ وَلَوْ لَمْ تَمْسَسْهُ نَارٌ ۚ نُّورٌ عَلَىٰ نُورٍ ۗ يَهْدِى ٱللَّهُ لِنُورِهِۦ مَن يَشَآءُ ۚ وَيَضْرِبُ ٱللَّهُ ٱلْأَمْثَٰلَ لِلنَّاسِ ۗ وَٱللَّهُ بِكُلِّ شَىْءٍ عَلِيمٌ ﴿٣٥﴾

36. Sa mga tahanan (*masjid* o bahay-dalanginan) na ipinag-utos ni Allah na itindig, na linisin at parangalan, sa mga ito, ang Kanyang Pangalan ay niluluwalhati sa maraming umaga, sa maraming hapon, at sa maraming gabi -

فِى بُيُوتٍ أَذِنَ ٱللَّهُ أَن تُرْفَعَ وَيُذْكَرَ فِيهَا ٱسْمُهُۥ يُسَبِّحُ لَهُۥ فِيهَا بِٱلْغُدُوِّ وَٱلْءَاصَالِ ﴿٣٦﴾

رِجَالٌ لَّا تُلْهِيهِمْ تِجَٰرَةٌ وَلَا بَيْعٌ عَن ذِكْرِ ٱللَّهِ وَإِقَامِ ٱلصَّلَوٰةِ وَإِيتَآءِ ٱلزَّكَوٰةِ يَخَافُونَ يَوْمًا تَتَقَلَّبُ فِيهِ ٱلْقُلُوبُ وَٱلْأَبْصَٰرُ ﴿٣٧﴾

37. (Ng mga) tao, na maging ang kalakal o ang pagtitinda ay hindi nakasasagabal (nakakaabala) sa kanila sa Pag-aala-ala kay Allah (sa kanilang dila at puso), at sa pagsasagawa ng *Salah* (takdang panalangin), at sa pagbibigay ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa). Sila ay nangangamba sa Araw na ang mga puso at mga mata ay mababaligtad (sa sindak ng Kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay),

لِيَجْزِيَهُمُ ٱللَّهُ أَحْسَنَ مَا عَمِلُوا۟ وَيَزِيدَهُم مِّن فَضْلِهِۦ ۗ وَٱللَّهُ يَرْزُقُ مَن يَشَآءُ بِغَيْرِ حِسَابٍ ﴿٣٨﴾

38. Upang sila ay magantimpalaan ni Allah ayon sa kagalingan ng kanilang mga gawa, at higit pa Niyang dagdagan (ang mga ito sa kanila) mula sa Kanyang Biyaya. At si Allah ay nagkakaloob ng panustos sa sinumang Kanyang maibigan ng walang pagbibilang (alalaong baga, hindi sinusukat).

وَٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ أَعْمَٰلُهُمْ كَسَرَابٍۭ بِقِيعَةٍ يَحْسَبُهُ ٱلظَّمْـَٔانُ مَآءً حَتَّىٰٓ إِذَا جَآءَهُۥ لَمْ يَجِدْهُ شَيْـًٔا وَوَجَدَ ٱللَّهَ عِندَهُۥ فَوَفَّىٰهُ حِسَابَهُۥ ۗ وَٱللَّهُ سَرِيعُ ٱلْحِسَابِ ﴿٣٩﴾

39. At sa mga hindi sumasampalataya, ang kanilang mga gawa ay katulad ng mirahe (huwad na tubigan) sa disyerto. Ang (isang) nauuhaw ay nag-aakala na ito ay tubig hanggang ito ay kanyang narating, at dito ay wala siyang natagpuang tubig, datapuwa't nasumpungan niya sa kanyang harapan si Allah, at Siya ang magbabayad nang ganap ng sa kanya ay nakalaan (Impiyerno). At si Allah ay Maagap sa Pagsusulit.

أَوْ كَظُلُمَٰتٍ فِى بَحْرٍ لُّجِّىٍّ يَغْشَىٰهُ مَوْجٌ مِّن فَوْقِهِۦ مَوْجٌ مِّن فَوْقِهِۦ سَحَابٌ ۚ ظُلُمَٰتٌۢ بَعْضُهَا فَوْقَ بَعْضٍ إِذَآ أَخْرَجَ يَدَهُۥ لَمْ يَكَدْ يَرَىٰهَا ۗ وَمَن لَّمْ يَجْعَلِ ٱللَّهُ لَهُۥ نُورًا فَمَا لَهُۥ مِن نُّورٍ ﴿٤٠﴾

40. O (ang katatayuan ng isang hindi sumasampalataya) ay nakakatulad ng kadiliman sa malawak at malalim na karagatan, na natabunan (nilamon) ng malaking alon na pinaibabawan pa nang higit na malaking alon, na pinaiibabawan ng maiitim na ulap, kadiliman na patung-patong, kung ang isang tao ay mag-uunat ng kanyang kamay, hindi niya ito mababanaagan! At siya na hindi ginawaran ni Allah ng liwanag, sa kanya ay walang magiging liwanag.

أَلَمْ تَرَ أَنَّ ٱللَّهَ يُسَبِّحُ لَهُۥ مَن فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَٱلطَّيْرُ صَٰٓفَّٰتٍ ۖ كُلٌّ قَدْ عَلِمَ صَلَاتَهُۥ وَتَسْبِيحَهُۥ ۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌۢ بِمَا يَفْعَلُونَ ﴿٤١﴾

41. Hindi mo ba namamasdan (O Muhammad) na si Allah, Siya ang Tanging niluluwalhati ng anupamang nasa kalangitan at kalupaan, at ng mga ibon na nakabukas ang kanilang mga pakpak (sa kanilang paglipad). Ang bawat isa (sa kanila) ay nakakaalam (ng kanyang pamamaraan) ng pagdarasal at pagbubunyi (sa

Kanya), at si Allah ang Nakababatid ng lahat nilang ginagawa.

42. At si Allah ang nag-aangkin ng kapamahalaan ng kalangitan at kalupaan, at kay Allah ang pagbabalik (ng lahat).

وَلِلَّهِ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ وَإِلَى ٱللَّهِ ٱلْمَصِيرُ ﴿٤٢﴾

43. Hindi baga ninyo namamasdan na si Allah ang nagpapausad sa mga ulap nang malumanay, at pinagsasama ang mga ito, at ginagawa Niya ito na isang bunton, at inyong namamasdan na ang ulan ay namamalisbis mula sa loob nito. At Kanyang ipinapanaog mula sa mga ulap na katulad (sa laki) ng mga bundok ang ulan, at ibinubuhos Niya ito sa sinumang Kanyang maibigan, at naglalayo (nagtataboy o sumasawata) nito sa sinumang Kanyang naisin. Ang nakasisilaw na liwanag ng kidlat nito ay halos makabulag ng paningin.

أَلَمْ تَرَ أَنَّ ٱللَّهَ يُزْجِى سَحَابًا ثُمَّ يُؤَلِّفُ بَيْنَهُۥ ثُمَّ يَجْعَلُهُۥ رُكَامًا فَتَرَى ٱلْوَدْقَ يَخْرُجُ مِنْ خِلَٰلِهِۦ ۚ وَيُنَزِّلُ مِنَ ٱلسَّمَآءِ مِن جِبَالٍ فِيهَا مِنۢ بَرَدٍ فَيُصِيبُ بِهِۦ مَن يَشَآءُ وَيَصْرِفُهُۥ عَن مَّن يَشَآءُ ۖ يَكَادُ سَنَا بَرْقِهِۦ يَذْهَبُ بِٱلْأَبْصَٰرِ ﴿٤٣﴾

44. Si Allah (ang nagpapapangyari) na magsunuran (magsalitan) ang gabi at araw (alalaong baga, darating ang gabi pagkatapos ng umaga, at darating ang umaga pagkatapos ng gabi). Katotohanang dito ay may isang aral sa mga may paningin.

يُقَلِّبُ ٱللَّهُ ٱلَّيْلَ وَٱلنَّهَارَ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَعِبْرَةً لِّأُو۟لِى ٱلْأَبْصَٰرِ ﴿٤٤﴾

45. Si Allah ang lumikha ng lahat (ng nabubuhay o gumagalaw) na nilikha mula sa tubig. At mula sa kanila ay may iba na gumagapang sa kanilang tiyan, at mula sa kanila ay may iba na lumalakad sa dalawang paa, at mula sa kanila ay may iba na lumalakad sa apat (na paa). Si Allah ay lumilikha ng anumang Kanyang naisin. Katotohanan! Si Allah ay makagagawa ng lahat ng bagay.

وَٱللَّهُ خَلَقَ كُلَّ دَآبَّةٍ مِّن مَّآءٍ ۖ فَمِنْهُم مَّن يَمْشِى عَلَىٰ بَطْنِهِۦ وَمِنْهُم مَّن يَمْشِى عَلَىٰ رِجْلَيْنِ وَمِنْهُم مَّن يَمْشِى عَلَىٰٓ أَرْبَعٍ ۚ يَخْلُقُ ٱللَّهُ مَا يَشَآءُ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿٤٥﴾

46. Katiyakang Kami ay nagpapanaog ng maliwanag na mga talata (ang Qur'an). At si Allah ang namamatnubay sa Matuwid na Landas sa sinumang Kanyang maibigan.

لَقَدْ أَنزَلْنَآ ءَايَٰتٍ مُّبَيِّنَٰتٍ ۚ وَٱللَّهُ يَهْدِى مَن يَشَآءُ إِلَىٰ صِرَٰطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿٤٦﴾

47. (Ang mga *Munafik* [mapagkunwari]) ay nagsasabi: "Kami ay sumampalataya kay Allah at (naniniwala) sa Sugo (Muhammad), at kami ay tumatalima", ngunit ang isang pangkat sa lipon nila ay tumatalikod, sila ang mga hindi sumasampalataya.

وَيَقُولُونَ ءَامَنَّا بِٱللَّهِ وَبِٱلرَّسُولِ وَأَطَعْنَا ثُمَّ يَتَوَلَّىٰ فَرِيقٌ مِّنْهُم مِّنۢ بَعْدِ ذَٰلِكَ ۚ وَمَآ أُو۟لَٰٓئِكَ بِٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٤٧﴾

48. At kung sila ay inaanyayahan kay Allah

وَإِذَا دُعُوٓا۟ إِلَى ٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ لِيَحْكُمَ بَيْنَهُمْ إِذَا

(alalaong baga, sa Kanyang mga Salita, sa Qur'an) at sa Kanyang Sugo, upang humatol sa pagitan nila, kapagdaka, ang isang pangkat sa lipon nila ay tumatanggi (na lumapit) at lumalayo.

فَرِيقٌ مِّنْهُم مُّعْرِضُونَ ﴿٤٨﴾

49. Datapuwa't kung ang katuwiran ay nasa kanila, sila ay lumalapit sa kanya nang kusang-loob at may pagtanggap.

وَإِن يَكُن لَّهُمُ ٱلْحَقُّ يَأْتُوٓا۟ إِلَيْهِ مُذْعِنِينَ ﴿٤٩﴾

50. Mayroon bagang karamdaman ang kanilang puso? O sila ba ay nag-aalinlangan o nangangamba na marahil si Allah at ang Kanyang Sugo ay magiging di-makatarungan sa kanila (sa paghatol). Datapuwa't sila ang *Zalimun* (mga buktot, buhong, pagano, mapagsamba sa mga diyus-diyosan).

أَفِى قُلُوبِهِم مَّرَضٌ أَمِ ٱرْتَابُوٓا۟ أَمْ يَخَافُونَ أَن يَحِيفَ ٱللَّهُ عَلَيْهِمْ وَرَسُولُهُۥ ۚ بَلْ أُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلظَّٰلِمُونَ ﴿٥٠﴾

51. Ang tangi lamang pahayag ng mga (matatapat) na nananampalataya kung sila ay tawagin kay Allah (sa Kanyang mga Salita, sa Qur'an) at sa Kanyang Sugo, upang humatol sa pagitan nila, ay ang pagsasabi ng: "Kami ay dumirinig at kami ay tumatalima." At sila ang matatagumpay (na mananahan magpakailanman sa Paraiso).

إِنَّمَا كَانَ قَوْلَ ٱلْمُؤْمِنِينَ إِذَا دُعُوٓا۟ إِلَى ٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ لِيَحْكُمَ بَيْنَهُمْ أَن يَقُولُوا۟ سَمِعْنَا وَأَطَعْنَا ۚ وَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْمُفْلِحُونَ ﴿٥١﴾

52. At sinuman ang sumunod kay Allah at sa Kanyang Sugo, at may pagkatakot kay Allah at nagpapanatili ng pag-aala-ala sa Kanya, sila yaong matatagumpay.

وَمَن يُطِعِ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ وَيَخْشَ ٱللَّهَ وَيَتَّقْهِ فَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْفَآئِزُونَ ﴿٥٢﴾

53. Sila ay nanunumpa (sa Ngalan) ni Allah ng kanilang pinakamatibay na panunumpa, na kung inyo lamang silang pag-aatasan ay iiwan nila ang (kanilang mga tahanan tungo sa pakikipaglaban sa Kapakanan ni Allah). Ipahayag: "Huwag kayong manumpa; ang pagsunod (ninyong ito) ay batid na (isang kabulaanan). Katotohanang si *Allah* ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ninyong ginagawa."

۞ وَأَقْسَمُوا۟ بِٱللَّهِ جَهْدَ أَيْمَٰنِهِمْ لَئِنْ أَمَرْتَهُمْ لَيَخْرُجُنَّ ۖ قُل لَّا تُقْسِمُوا۟ ۖ طَاعَةٌ مَّعْرُوفَةٌ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ خَبِيرٌۢ بِمَا تَعْمَلُونَ ﴿٥٣﴾

54. Ipagbadya: "Sundin ninyo si Allah at sundin ang Sugo, datapuwa't kung kayo ay magsitalikod, siya (ang Sugo, si Muhammad) ay may pananagutan lamang sa tungkuling iniatang sa kanya (alalaong baga, upang iparating lamang ang Mensahe ni Allah), at ang sa inyo ay yaong kung ano ang iniatang sa inyo. At kung kayo ay susunod sa kanya, kayo ay malalagay sa tamang

قُلْ أَطِيعُوا۟ ٱللَّهَ وَأَطِيعُوا۟ ٱلرَّسُولَ ۖ فَإِن تَوَلَّوْا۟ فَإِنَّمَا عَلَيْهِ مَا حُمِّلَ وَعَلَيْكُم مَّا حُمِّلْتُمْ ۖ وَإِن تُطِيعُوهُ تَهْتَدُوا۟ ۚ وَمَا عَلَى ٱلرَّسُولِ إِلَّا ٱلْبَلَٰغُ ٱلْمُبِينُ ﴿٥٤﴾

patnubay. Ang tanging tungkulin ng Sugo ay upang ipaabot sa inyo (ang mensahe) sa maliwanag na paraan (alalaong baga, ang mangaral nang maliwanag at mahusay)."

وَعَدَ ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مِنكُمْ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ لَيَسْتَخْلِفَنَّهُمْ فِى ٱلْأَرْضِ كَمَا ٱسْتَخْلَفَ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ وَلَيُمَكِّنَنَّ لَهُمْ دِينَهُمُ ٱلَّذِى ٱرْتَضَىٰ لَهُمْ وَلَيُبَدِّلَنَّهُم مِّنۢ بَعْدِ خَوْفِهِمْ أَمْنًا ۚ يَعْبُدُونَنِى لَا يُشْرِكُونَ بِى شَيْـًٔا ۚ وَمَن كَفَرَ بَعْدَ ذَٰلِكَ فَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْفَٰسِقُونَ ﴿٥٥﴾

55. Si Allah ay nangako sa mga sumasampalataya at nagsisigawa ng kabutihan, na katiyakang sila ay pagkakalooban Niya ng paghahalili (pagpapalit sa kapamahalaan) sa kalupaan, kung paano rin namang ipinagkaloob Niya ito sa mga nangauna sa kanila, at katiyakang Kanyang itatayo para sa kanila (sa loob nito) ang kanilang relihiyon, na Kanyang hinirang para sa kanila (alalaong baga, ang Islam). At katiyakang ihahalili (ipapalit) Niya para sa kanila, sa halip ng kanilang pangangamba ang seguridad, (sapagkat) sila ay sumamba sa Akin at hindi nagtatambal ng anupaman (sa pagsamba) sa Akin. At sinuman ang hindi sumampalataya pagkaraan nito, sila ang *Fasiqun* (mapagpalalo, mapaghimagsik at suwail kay Allah).

وَأَقِيمُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ وَءَاتُوا۟ ٱلزَّكَوٰةَ وَأَطِيعُوا۟ ٱلرَّسُولَ لَعَلَّكُمْ تُرْحَمُونَ ﴿٥٦﴾

56. At mag-alay kayo ng *Salah* (takdang pagdarasal), at magbigay ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa) at sundin ninyo ang Sugo (Muhammad), upang kayo ay magsitanggap ng habag (mula kay Allah).

لَا تَحْسَبَنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مُعْجِزِينَ فِى ٱلْأَرْضِ ۚ وَمَأْوَىٰهُمُ ٱلنَّارُ ۖ وَلَبِئْسَ ٱلْمَصِيرُ ﴿٥٧﴾

57. Huwag ninyong akalain na ang mga hindi sumasampalataya ay nakagagawa ng kabiguan (kay Allah) dito sa kalupaan. Ang kanilang pananahanan ay Apoy, - at tunay na pagkasama-sama ng gayong hantungan.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لِيَسْتَـْٔذِنكُمُ ٱلَّذِينَ مَلَكَتْ أَيْمَٰنُكُمْ وَٱلَّذِينَ لَمْ يَبْلُغُوا۟ ٱلْحُلُمَ مِنكُمْ ثَلَٰثَ مَرَّٰتٍ ۚ مِّن قَبْلِ صَلَوٰةِ ٱلْفَجْرِ وَحِينَ تَضَعُونَ ثِيَابَكُم مِّنَ ٱلظَّهِيرَةِ وَمِنۢ بَعْدِ صَلَوٰةِ ٱلْعِشَآءِ ۚ ثَلَٰثُ عَوْرَٰتٍ لَّكُمْ ۚ لَيْسَ عَلَيْكُمْ وَلَا عَلَيْهِمْ جُنَاحٌۢ بَعْدَهُنَّ ۚ طَوَّٰفُونَ عَلَيْكُم بَعْضُكُمْ عَلَىٰ بَعْضٍ ۚ كَذَٰلِكَ يُبَيِّنُ ٱللَّهُ لَكُمُ ٱلْءَايَٰتِ ۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ ﴿٥٨﴾

58. O kayong mga sumasampalataya! Hayaan sila na angkin ng inyong kanang kamay (mga alipin), at sila na hindi (pa) sumapit sa gulang nang pagdadalaga sa inyong lipon ay humingi ng pahintulot sa inyo (bago sila pumasok sa inyo) sa tatlong ulit (na pagkakataon); bago sumapit ang *Salah* ng *Fajr* (takdang pang-umagang pagdarasal), at kung inyo nang naitabi ang inyong kasuutan (nagbihis ng iba para sa panghapong pamamahinga), at matapos ang *Salah* ng *Isha* (takdang panggabing pagdarasal). Ang tatlong kalagayan (oras) na ito ay pribado para sa inyo (oras ng pampribadong damit). Walang maisisi sa inyo gayundin sa kanila kung labas na sa ganitong

(mga oras), sapagkat sila ay patuloy na nakikipag-ugnayan sa inyong lipon, - ang iba sa inyo sa karamihan (alalaong baga, lumibot, gumalaw, tumugon, tumulong, atbp. sa pangangailangan ng bawat isa). Kaya't ginawa ni Allah na maging maliwanag sa inyo ang *Ayat* (ang mga Talata ng Qur'an na nagpapahayag ng Kanyang mga kautusan). At si Allah ay Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan.

وَإِذَا بَلَغَ ٱلْأَطْفَـٰلُ مِنكُمُ ٱلْحُلُمَ فَلْيَسْتَـْٔذِنُوا۟ كَمَا ٱسْتَـْٔذَنَ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ ۚ كَذَٰلِكَ يُبَيِّنُ ٱللَّهُ لَكُمْ ءَايَـٰتِهِۦ ۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ ﴿٥٩﴾

59. At kung ang mga bata sa lipon ninyo ay sumapit na sa gulang nang pagdadalaga (o pagbibinata), hayaan silang humingi ng pahintulot (sa lahat ng oras) ng katulad ng ginawa niyaong mga nakatatanda sa kanila (sa gulang, o yaong mga nauna). Kaya't sa ganito ay ginawang malinaw sa inyo ni Allah ang Kanyang mga Talata (alalaong baga, ang Kanyang mga kautusan). At si Allah ay Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan.

وَٱلْقَوَٰعِدُ مِنَ ٱلنِّسَآءِ ٱلَّـٰتِى لَا يَرْجُونَ نِكَاحًا فَلَيْسَ عَلَيْهِنَّ جُنَاحٌ أَن يَضَعْنَ ثِيَابَهُنَّ غَيْرَ مُتَبَرِّجَـٰتٍۭ بِزِينَةٍ ۖ وَأَن يَسْتَعْفِفْنَ خَيْرٌ لَّهُنَّ ۗ وَٱللَّهُ سَمِيعٌ عَلِيمٌ ﴿٦٠﴾

60. At ang mga kababaihan na lagpas na sa panahon ng pagrereregla na wala ng hangad na mag-asawa, walang maisisisi sa kanila kung kanilang alisin ang (kanilang) panglabas na kasuutan (datapuwa't) marapat na walang pagpapakita ng palamuti. Ngunit ang umiwas ng may kababaang-loob ([dito] sa pag-aalis ng kanilang panglabas na kasuutan) ay higit na mainam sa kanila. At si Allah ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam.

لَّيْسَ عَلَى ٱلْأَعْمَىٰ حَرَجٌ وَلَا عَلَى ٱلْأَعْرَجِ حَرَجٌ وَلَا عَلَى ٱلْمَرِيضِ حَرَجٌ وَلَا عَلَىٰٓ أَنفُسِكُمْ أَن تَأْكُلُوا۟ مِنۢ بُيُوتِكُمْ أَوْ بُيُوتِ ءَابَآئِكُمْ أَوْ بُيُوتِ أُمَّهَـٰتِكُمْ أَوْ بُيُوتِ إِخْوَٰنِكُمْ أَوْ بُيُوتِ أَخَوَٰتِكُمْ أَوْ بُيُوتِ أَعْمَـٰمِكُمْ أَوْ بُيُوتِ عَمَّـٰتِكُمْ أَوْ بُيُوتِ أَخْوَٰلِكُمْ أَوْ بُيُوتِ خَـٰلَـٰتِكُمْ أَوْ مَا مَلَكْتُم مَّفَاتِحَهُۥٓ أَوْ صَدِيقِكُمْ ۚ لَيْسَ عَلَيْكُمْ جُنَاحٌ أَن تَأْكُلُوا۟ جَمِيعًا أَوْ أَشْتَاتًا ۚ فَإِذَا دَخَلْتُم بُيُوتًا

61. Walang ibinabawal sa bulag, at wala ring ibinabawal sa pilay, at wala ring ibinabawal sa may karamdaman, gayundin sa inyong sarili (O mananampalataya) kung kayo ay kumakain sa inyong tahanan, o sa tahanan ng inyong ama, o sa tahanan ng inyong ina, o sa tahanan ng inyong kapatid na lalaki, o sa tahanan ng inyong kapatid na babae, o sa tahanan ng kapatid na lalaki ng inyong ama, o sa tahanan ng kapatid na babae ng inyong ama, o sa tahanan ng kapatid na lalaki ng inyong ina, o sa tahanan ng kapatid na babae ng inyong ina, o kung saan (mang bahay) na kayo ay nagtatatangan ng susi, o sa tahanan ng isang kaibigan. Hindi isang kasalanan sa inyo kung kayo ay kumain nang salu-salo o magkabukod.

فَسَلِّمُوا۟ عَلَىٰٓ أَنفُسِكُمْ تَحِيَّةً مِّنْ عِندِ ٱللَّهِ مُبَٰرَكَةً طَيِّبَةً ۚ كَذَٰلِكَ يُبَيِّنُ ٱللَّهُ لَكُمُ ٱلْءَايَٰتِ لَعَلَّكُمْ تَعْقِلُونَ ﴿٦١﴾

Datapuwa't kung kayo ay magsipasok sa mga tahanan, magbatian kayo sa isa't isa ng isang pagbati na pinagpala at mabuti na mula kay Allah (alalaong baga, magsabi ng *Assalamu Alaikum* [Sumainyo ang kapayapaan]). Kaya't sa ganito ginawa ni Allah na maging malinaw ang *Ayat* (mga Talata ng Qur'an) upang kayo ay makaunawa.

إِنَّمَا ٱلْمُؤْمِنُونَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ وَإِذَا كَانُوا۟ مَعَهُۥ عَلَىٰٓ أَمْرٍ جَامِعٍ لَّمْ يَذْهَبُوا۟ حَتَّىٰ يَسْتَـْٔذِنُوهُ ۚ إِنَّ ٱلَّذِينَ يَسْتَـْٔذِنُونَكَ أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ يُؤْمِنُونَ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ ۚ فَإِذَا ٱسْتَـْٔذَنُوكَ لِبَعْضِ شَأْنِهِمْ فَأْذَن لِّمَن شِئْتَ مِنْهُمْ وَٱسْتَغْفِرْ لَهُمُ ٱللَّهَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٦٢﴾

62. Ang tunay na sumasampalataya ay sila lamang na nananalig (sa Kaisahan) ni Allah at sa Kanyang Sugo (Muhammad), at kung sila ay (nakikipagpulong) sa kanya (Muhammad) para sa isang bagay ng pangkalahatang layunin, sila ay hindi lumilisan hanggang hindi sila humihingi ng kanyang pahintulot. Katotohanan! Sila na humihingi ng iyong pahintulot, sila ang tunay na sumasampalataya kay Allah at (naniniwala) sa Kanyang Sugo. Kaya't kung sila ay humingi ng iyong pahintulot para sa kanilang pansariling gawain, iyong gawaran sila ng pahintulot sa sinumang iyong maibigan sa kanila, at humingi ka kay Allah tungo sa kanilang kapatawaran. Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

لَّا تَجْعَلُوا۟ دُعَآءَ ٱلرَّسُولِ بَيْنَكُمْ كَدُعَآءِ بَعْضِكُم بَعْضًا ۚ قَدْ يَعْلَمُ ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ يَتَسَلَّلُونَ مِنكُمْ لِوَاذًا ۚ فَلْيَحْذَرِ ٱلَّذِينَ يُخَالِفُونَ عَنْ أَمْرِهِۦٓ أَن تُصِيبَهُمْ فِتْنَةٌ أَوْ يُصِيبَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٦٣﴾

63. Huwag ninyong gawin na ang pagtawag sa Sugo (Muhammad) ay maging katulad din ng inyong tawagan sa isa't isa. Nababatid ni Allah sa lipon ninyo kung sino sa inyo ang tumatalilis nang patago (sa pamamagitan ng pagdadahilan, na hindi humihingi ng pahintulot mula sa Sugo). Kaya't hayaan na mag-ingat yaong mga sumasalungat sa pag-uutos (ng Sugo), baka mangyari na ang (ilang) *Fitnah* (kawalan ng pananalig, pagsubok, kasakitan, lindol, pagpatay) ay tumama sa kanila, o ang isang kasakit-sakit na kaparusahan (ay ipadama sa kanila).

أَلَآ إِنَّ لِلَّهِ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ قَدْ يَعْلَمُ مَآ أَنتُمْ عَلَيْهِ ۖ وَيَوْمَ يُرْجَعُونَ إِلَيْهِ فَيُنَبِّئُهُم بِمَا عَمِلُوا۟ ۗ وَٱللَّهُ بِكُلِّ شَىْءٍ عَلِيمٌۢ ﴿٦٤﴾

64. Katotohanan, kay Allah ang pag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at kalupaan. Katiyakang batid Niya ang inyong kalalagayan at (talastas Niya) ang Araw kung kailan sila ay muling ibabalik sa Kanya, at Kanyang ipapaalam sa kanila kung ano ang kanilang ginawa. At si Allah ang Lubos na Nakakaalam ng lahat ng bagay.

Surah 25

Surat Al-Furqan
(Ang Pamantayan)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

تَبَارَكَ ٱلَّذِى نَزَّلَ ٱلْفُرْقَانَ عَلَىٰ عَبْدِهِۦ لِيَكُونَ لِلْعَٰلَمِينَ نَذِيرًا ﴿١﴾

1. Luwalhatiin Siya na nagpanaog ng Pamantayan (ng wasto at mali, alalaong baga, ang Qur'an) sa Kanyang Alipin (na si Muhammad), upang siya ay maging tagapagbabala sa lahat ng mga nilalang.

ٱلَّذِى لَهُۥ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَلَمْ يَتَّخِذْ وَلَدًا وَلَمْ يَكُن لَّهُۥ شَرِيكٌ فِى ٱلْمُلْكِ وَخَلَقَ كُلَّ شَىْءٍ فَقَدَّرَهُۥ تَقْدِيرًا ﴿٢﴾

2. Siya (Allah) na nag-aangkin ng kapamahalaan ng kalangitan at kalupaan, at Siya na hindi nagkaroon ng anak (mga supling o lahi), at Siya na tanging walang kahati (o katambal) sa Kanyang pamamahala. Nilikha Niya ang lahat ng bagay at itinakda Niya ang mga ito ng may hustong (turol na) pagtatakda.

وَٱتَّخَذُوا۟ مِن دُونِهِۦٓ ءَالِهَةً لَّا يَخْلُقُونَ شَيْـًٔا وَهُمْ يُخْلَقُونَ وَلَا يَمْلِكُونَ لِأَنفُسِهِمْ ضَرًّا وَلَا نَفْعًا وَلَا يَمْلِكُونَ مَوْتًا وَلَا حَيَوٰةً وَلَا نُشُورًا ﴿٣﴾

3. Datapuwa't sila ay nag-angkin maliban pa sa Kanya ng iba pang diyos na walang anumang nilikha, bagkus sila ang nilikha, at hindi nagtataglay ng anumang kasahulan o kapakinabangan sa kanilang sarili, at hindi nagtataglay ng anumang kapangyarihan (upang magbigay) ng kamatayan, (o magkaloob) ng buhay, gayundin nang pagpapabangon sa patay.

وَقَالَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ إِنْ هَٰذَآ إِلَّآ إِفْكٌ ٱفْتَرَىٰهُ وَأَعَانَهُۥ عَلَيْهِ قَوْمٌ ءَاخَرُونَ ۖ فَقَدْ جَآءُو ظُلْمًا وَزُورًا ﴿٤﴾

4. Sila na mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Ito (ang Qur'an) ay walang iba kundi kasinungalingan na kinatha niya (Muhammad), at ang iba pang tao ay tumulong sa kanya (sa paggawa) nito. Datapuwa't sila ay nakagawa ng kawalang-katarungan at isang kabulaanan."

وَقَالُوٓا۟ أَسَٰطِيرُ ٱلْأَوَّلِينَ ٱكْتَتَبَهَا فَهِىَ تُمْلَىٰ عَلَيْهِ بُكْرَةً وَأَصِيلًا ﴿٥﴾

5. At sila ay nagsasabi: "Mga alamat (kuwento) lamang ng mga sinaunang tao (na lumipas) na kanyang isinulat, at ang mga ito ay idinikta lamang sa kanya sa umaga at hapon."

قُلْ أَنزَلَهُ ٱلَّذِى يَعْلَمُ ٱلسِّرَّ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ إِنَّهُۥ كَانَ غَفُورًا رَّحِيمًا ﴿٦﴾

6. Ipagbadya: "Ito (ang Qur'an) ay ipinanaog Niya (Allah), na nakababatid ng lahat ng lihim ng kalangitan at kalupaan. Katotohanang Siya ay

Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَقَالُوا۟ مَالِ هَٰذَا ٱلرَّسُولِ يَأْكُلُ ٱلطَّعَامَ وَيَمْشِى فِى ٱلْأَسْوَاقِ ۙ لَوْلَآ أُنزِلَ إِلَيْهِ مَلَكٌ فَيَكُونَ مَعَهُۥ نَذِيرًا ﴿٧﴾

7. At sila ay nagsasabi: "Bakit itong Sugo (Muhammad) ay kumakain ng pagkain, at lumilibot sa mga pamilihan (na katulad namin). Bakit hindi ang isang anghel ang ipinadala sa kanya upang maging kasama-sama niya sa kanyang pagbibigay ng babala?"

أَوْ يُلْقَىٰٓ إِلَيْهِ كَنزٌ أَوْ تَكُونُ لَهُۥ جَنَّةٌ يَأْكُلُ مِنْهَا ۚ وَقَالَ ٱلظَّٰلِمُونَ إِن تَتَّبِعُونَ إِلَّا رَجُلًا مَّسْحُورًا ﴿٨﴾

8. "O (bakit) kaya hindi isang kayamanan ang ipinagkaloob sa kanya, o hindi kaya isang halamanan kung saan siya ay maaaring kumain? At ang *Zalimun* (mga buktot, buhong, pagano) ay nagsasabi: "Kayo ay sumusunod lamang sa isang tao na inaalihan (ng demonyo)."

ٱنظُرْ كَيْفَ ضَرَبُوا۟ لَكَ ٱلْأَمْثَالَ فَضَلُّوا۟ فَلَا يَسْتَطِيعُونَ سَبِيلًا ﴿٩﴾

9. Tingnan kung paano sila nagbibigay ng paghahambing sa iyo, kaya't sila ay naligaw, at sila ay hindi makatatagpo ng (tamang) Landas.

تَبَارَكَ ٱلَّذِىٓ إِن شَآءَ جَعَلَ لَكَ خَيْرًا مِّن ذَٰلِكَ جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ وَيَجْعَل لَّكَ قُصُورًا ﴿١٠﴾

10. Ang Kaluwalhatian ay sa Kanya (Allah), na kung Kanyang naisin, ay maggagawad sa inyo nang higit na mabuti sa (lahat) ng mga iyan, - mga Halamanan na sa ibaba nito ay may mga ilog na nagsisidaloy, at magbibigay sa inyo ng mga Palasyo (alalaong baga, Paraiso).

بَلْ كَذَّبُوا۟ بِٱلسَّاعَةِ ۖ وَأَعْتَدْنَا لِمَن كَذَّبَ بِٱلسَّاعَةِ سَعِيرًا ﴿١١﴾

11. Subalit itinatakwil nila ang Oras (ang Araw ng Muling Pagkabuhay), at sa mga nagtatakwil sa Oras, Kami ay naghanda ng nag-aalimpuyong Apoy (alalaong baga, ang Impiyerno).

إِذَا رَأَتْهُم مِّن مَّكَانٍۭ بَعِيدٍ سَمِعُوا۟ لَهَا تَغَيُّظًا وَزَفِيرًا ﴿١٢﴾

12. Na kung ito (Impiyerno) ay nakamamasid sa kanila sa kalayuan, ay maririnig nila ang pag-aalimpuyo nito at pagngangalit.

وَإِذَآ أُلْقُوا۟ مِنْهَا مَكَانًا ضَيِّقًا مُّقَرَّنِينَ دَعَوْا۟ هُنَالِكَ ثُبُورًا ﴿١٣﴾

13. At kung sila ay ihagis na sa loob ng makipot na lugar (sa Impiyerno), na nakatanikala sa isa't isa, sila ay sisigaw dito tungo sa pagkawasak.

لَّا تَدْعُوا۟ ٱلْيَوْمَ ثُبُورًا وَٰحِدًا وَٱدْعُوا۟ ثُبُورًا كَثِيرًا ﴿١٤﴾

14. Huwag kayong sumigaw tungo lamang sa isang pagkawasak, datapuwa't sumigaw kayo sa maraming pagkawasak.

قُلْ أَذَٰلِكَ خَيْرٌ أَمْ جَنَّةُ ٱلْخُلْدِ ٱلَّتِى وُعِدَ ٱلْمُتَّقُونَ ۚ كَانَتْ لَهُمْ جَزَآءً وَمَصِيرًا ﴿١٥﴾

15. Ipagbadya (O Muhammad): "Ang gayon (kayang kaparusahan) ay higit na mainam kaysa sa walang hanggang Halamanan (Paraiso) na ipinangako sa *Muttaqun* (alalaong baga, mga matimtiman at matutuwid na mananampalataya kay Allah)? Ito ay sasakanila bilang isang gantimpala, at bilang isang huling hantungan.

لَّهُمْ فِيهَا مَا يَشَآءُونَ خَٰلِدِينَ ۚ كَانَ عَلَىٰ رَبِّكَ وَعْدًا مَّسْـُٔولًا ﴿١٦﴾

16. Para sa kanila, naroroon ang lahat ng kanilang minimithi, at sila ay magsisipanahan doon magpakailanman. Ito ay isang pangako ng inyong Panginoon (na karapat-dapat) na hilingin (at tuparin).

وَيَوْمَ يَحْشُرُهُمْ وَمَا يَعْبُدُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ فَيَقُولُ ءَأَنتُمْ أَضْلَلْتُمْ عِبَادِى هَٰٓؤُلَآءِ أَمْ هُمْ ضَلُّوا۟ ٱلسَّبِيلَ ﴿١٧﴾

17. At sa Araw na sila ay Kanyang titipunin nang sama-sama, at ang mga bagay na kanilang sinasamba maliban pa kay Allah (alalaong baga, ang mga imahen, anghel, banal na tao, Hesus - anak ni Maria), Siya (Allah) ay magwiwika: "Kayo ba ang nagligaw sa kanila na Aking mga alipin o sila ba (sa kanilang sarili) ang lumihis sa (tamang) Landas?"

قَالُوا۟ سُبْحَٰنَكَ مَا كَانَ يَنۢبَغِى لَنَآ أَن نَّتَّخِذَ مِن دُونِكَ مِنْ أَوْلِيَآءَ وَلَٰكِن مَّتَّعْتَهُمْ وَءَابَآءَهُمْ حَتَّىٰ نَسُوا۟ ٱلذِّكْرَ ۖ وَكَانُوا۟ قَوْمًۢا بُورًا ﴿١٨﴾

18. Sila (ang mga sinasamba na diyus-diyosan) ay magsasabi: "Luwalhatiin Kayo! Wala sa amin (ang kapasiyahan) upang tumangkilik ng anumang *Auliya* (tagapagtanggol, katulong) maliban sa Inyo, datapuwa't Inyong binigyan sila at ang kanilang mga ninuno ng kaginhawahan hanggang sa makalimutan nila ang babala at naging mga tao na nawasak (sa ganap na pagkapariwara).

فَقَدْ كَذَّبُوكُم بِمَا تَقُولُونَ فَمَا تَسْتَطِيعُونَ صَرْفًا وَلَا نَصْرًا ۚ وَمَن يَظْلِم مِّنكُمْ نُذِقْهُ عَذَابًا كَبِيرًا ﴿١٩﴾

19. Kaya't sila (ang mga huwad na diyus-diyosan na kanilang sinamba) ay magbibigay sa inyo (na mga pagano) ng pagpapabulaan sa inyong mga sinasabi (na sila ay iba pang diyos maliban pa kay Allah), sa gayon, kayo ay hindi makapipigil (sa kaparusahan), o makatatagpo kaya ng tulong. At sinuman sa inyo ang nagsigawa ng kamalian (alalaong baga, ang pagtuturing ng katambal kay Allah), Aming hahayaan siya na lasapin ang matinding kaparusahan.

وَمَآ أَرْسَلْنَا قَبْلَكَ مِنَ ٱلْمُرْسَلِينَ إِلَّآ إِنَّهُمْ لَيَأْكُلُونَ ٱلطَّعَامَ وَيَمْشُونَ فِى ٱلْأَسْوَاقِ ۗ وَجَعَلْنَا بَعْضَكُمْ لِبَعْضٍ فِتْنَةً أَتَصْبِرُونَ ۗ وَكَانَ رَبُّكَ بَصِيرًا ﴿٢٠﴾

20. At kailanman ay hindi Kami nagsugo maging noong una pa sa iyo (O Muhammad) ng mga Sugo, maliban sa katotohanan, na sila ay nagsikain ng pagkain at nagsilakad sa mga pamilihan. At ginawa Namin ang iba sa inyo bilang pagsubok sa iba: kayo ba ay mayroong pagtitiyaga? At ang inyong Panginoon ang Lagi nang Ganap na Nakamamasid (ng lahat ng bagay).

21. At sila na hindi umaasa ng Pakikipagtipan sa Amin (alalaong baga, sila na nagtatakwil ng Araw ng Muling Pagkabuhay at ng buhay sa Kabilang Buhay) ay nagsasabi: "Bakit kaya ang mga anghel ay hindi ipinanaog sa amin, o bakit kaya hindi namin namamasdan ang aming Panginoon?" Katotohanang sila ay naging mapagmataas sa kanilang sarili at (naging) pusong (walang galang), na taglay ang malaking kapalaluan.

۞ وَقَالَ ٱلَّذِينَ لَا يَرْجُونَ لِقَآءَنَا لَوْلَآ أُنزِلَ عَلَيْنَا ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ أَوْ نَرَىٰ رَبَّنَا ۗ لَقَدِ ٱسْتَكْبَرُوا۟ فِىٓ أَنفُسِهِمْ وَعَتَوْ عُتُوًّا كَبِيرًا ﴿٢١﴾

22. Sa Araw na kanilang mamamalas ang mga anghel, - walang masayang balita ang ihahatid doon sa *Mujrimun* (mga kriminal, pagano, makasalanan) sa araw na yaon. At sila (ang mga anghel) ay magsasabi: "Ang lahat ng magagandang balita ay ipinagbabawal sa inyo."

يَوْمَ يَرَوْنَ ٱلْمَلَٰٓئِكَةَ لَا بُشْرَىٰ يَوْمَئِذٍ لِّلْمُجْرِمِينَ وَيَقُولُونَ حِجْرًا مَّحْجُورًا ﴿٢٢﴾

23. At itatambad Namin sa kanila (sa mga hindi sumasampalataya, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, makasalanan) ang anumang kanilang ginawa, at gagawin Namin ang mga gawaing yaon na tulad ng alikabok na kumalat (alalaong baga, walang kabuluhan).

وَقَدِمْنَآ إِلَىٰ مَا عَمِلُوا۟ مِنْ عَمَلٍ فَجَعَلْنَٰهُ هَبَآءً مَّنثُورًا ﴿٢٣﴾

24. Ang mga maninirahan sa Paraiso (alalaong baga, sila na nararapat na pagkalooban nito dahilan sa kanilang Pananalig kay Allah at sa kanilang mga kabutihan) ay magkakaroon sa Araw na yaon ng mabuting pananahanan at mainam na pagpapahingalayan.

أَصْحَٰبُ ٱلْجَنَّةِ يَوْمَئِذٍ خَيْرٌ مُّسْتَقَرًّا وَأَحْسَنُ مَقِيلًا ﴿٢٤﴾

25. At (alalahanin) ang Araw na ang langit ay mabibiyak na nakabukas (at doon ay lalabas) ang mga ulap, at ang mga anghel ay pababababain sa maringal na pagpanaog.

وَيَوْمَ تَشَقَّقُ ٱلسَّمَآءُ بِٱلْغَمَٰمِ وَنُزِّلَ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ تَنزِيلًا ﴿٢٥﴾

26. Ang Kapamahalaan sa Araw na yaon ay ang tunay na natatangi lamang sa Pinakamahabagin (Allah), at ito ay magiging mahirap na Araw sa mga hindi sumasampalataya.

ٱلْمُلْكُ يَوْمَئِذٍ ٱلْحَقُّ لِلرَّحْمَٰنِ ۚ وَكَانَ يَوْمًا عَلَى ٱلْكَٰفِرِينَ عَسِيرًا ﴿٢٦﴾

27. At (alalahanin) ang Araw na ang *Zalim* (buhong, buktot, pagano) ay kakagat sa kanyang mga kamay (ng may kapighatian), (at) siya ay magsasabi: "Oh! Sana ay tumuntong ako sa landas ng Sugo (Muhammad)!"

وَيَوْمَ يَعَضُّ ٱلظَّالِمُ عَلَىٰ يَدَيْهِ يَقُولُ يَٰلَيْتَنِى ٱتَّخَذْتُ مَعَ ٱلرَّسُولِ سَبِيلًا ﴿٢٧﴾

28. "Ah! Kasawian sa akin! Sana, kahit na kailan, ay hindi ko itinuring ang kung sinu-sino

يَٰوَيْلَتَىٰ لَيْتَنِى لَمْ أَتَّخِذْ فُلَانًا خَلِيلًا ﴿٢٨﴾

lamang bilang isang kaibigan!"

29. "Katotohanang siya ang umakay sa akin na mapaligaw sa Paala-ala (ang Qur'an) matapos na ito ay dumatal sa akin. At si Satanas ay lagi nang hindi maaasahan ng tao sa sandali ng pangangailangan."

لَقَدْ أَضَلَّنِي عَنِ ٱلذِّكْرِ بَعْدَ إِذْ جَآءَنِي ۗ وَكَانَ ٱلشَّيْطَٰنُ لِلْإِنسَٰنِ خَذُولًا ﴿٢٩﴾

30. At ang Sugo (Muhammad) ay magsasabi: "O aking Panginoon! Katotohanan, ang aking pamayanan ay lumayo (umiwan) dito sa Qur'an (sila ay hindi nakinig dito, at hindi rin gumawa ng ayon sa mga batas at pag-uutos nito).

وَقَالَ ٱلرَّسُولُ يَٰرَبِّ إِنَّ قَوْمِي ٱتَّخَذُوا۟ هَٰذَا ٱلْقُرْءَانَ مَهْجُورًا ﴿٣٠﴾

31. Kaya't ginawa Namin sa bawat Propeta ang isang kaaway sa lipon ng *Mujrimun* (mga buhong, buktot, pagano). Datapuwa't Sapat na ang iyong Panginoon bilang isang Tagapamatnubay at Tagapagtangkilik.

وَكَذَٰلِكَ جَعَلْنَا لِكُلِّ نَبِيٍّ عَدُوًّا مِّنَ ٱلْمُجْرِمِينَ ۗ وَكَفَىٰ بِرَبِّكَ هَادِيًا وَنَصِيرًا ﴿٣١﴾

32. At ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Bakit kaya ang Qur'an ay hindi ipinahayag sa kanya sa kabuuan at minsanan lamang? Kaya't (ito nga ay ginawang gayon na ipinanaog ng baha-bahagi) upang Aming mapatibay ang iyong puso. At ito ay ipinahayag Namin sa iyo nang unti-unti sa maraming antas. (Ito ay ipinahayag sa Propeta sa loob ng 23 taon.)

وَقَالَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لَوْلَا نُزِّلَ عَلَيْهِ ٱلْقُرْءَانُ جُمْلَةً وَٰحِدَةً ۚ كَذَٰلِكَ لِنُثَبِّتَ بِهِۦ فُؤَادَكَ ۖ وَرَتَّلْنَٰهُ تَرْتِيلًا ﴿٣٢﴾

33. At walang anumang paghahambing ang kanilang maitatanghal sa iyo (alalaong baga, argumento), maliban na Aming dalhin sa iyo ang katotohanan (laban sa gayong paghahambing o argumento), at nang pinakamainam na paliwanag.

وَلَا يَأْتُونَكَ بِمَثَلٍ إِلَّا جِئْنَٰكَ بِٱلْحَقِّ وَأَحْسَنَ تَفْسِيرًا ﴿٣٣﴾

34. Sila na titipunin sa Impiyerno (na nakasubsob) sa kanilang mukha, sila ang malalagay sa napakasamang lugar, at naligaw nang malayo sa (matuwid) na Landas.

ٱلَّذِينَ يُحْشَرُونَ عَلَىٰ وُجُوهِهِمْ إِلَىٰ جَهَنَّمَ أُو۟لَٰٓئِكَ شَرٌّ مَّكَانًا وَأَضَلُّ سَبِيلًا ﴿٣٤﴾

35. At katotohanang ipinagkaloob Namin kay Moises ang Kasulatan (*Torah*, ang mga Batas), at ginawa Namin ang kanyang kapatid na si Aaron bilang kanyang katuwang.

وَلَقَدْ ءَاتَيْنَا مُوسَى ٱلْكِتَٰبَ وَجَعَلْنَا مَعَهُۥٓ أَخَاهُ هَٰرُونَ وَزِيرًا ﴿٣٥﴾

36. At Kami ay nagwika: "Kayo ay kapwa pumaroon sa mga tao na nagsipagtakwil ng Aming *Ayat* (mga katibayan, talata, tanda, aral). At pagkatapos (na sila ay tumanggi sa patnubay), ay Aming winasak sila ng matinding pagkawasak.

فَقُلْنَا ٱذْهَبَآ إِلَى ٱلْقَوْمِ ٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا فَدَمَّرْنَٰهُمْ تَدْمِيرًا ﴿٣٦﴾

وَقَوْمَ نُوحٍ لَّمَّا كَذَّبُوا۟ ٱلرُّسُلَ أَغْرَقْنَٰهُمْ وَجَعَلْنَٰهُمْ لِلنَّاسِ ءَايَةً ۖ وَأَعْتَدْنَا لِلظَّٰلِمِينَ عَذَابًا أَلِيمًا ﴿٣٧﴾

37. At ang pamayanan (mga tao) ni Noah, nang sila ay magtakwil sa mga Sugo, Aming nilunod sila, at sila ay ginawa Namin na isang Tanda para sa sangkatauhan. At inihanda Namin ang isang kasakit-sakit na kaparusahan sa *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian).

وَعَادًا وَثَمُودَا۟ وَأَصْحَٰبَ ٱلرَّسِّ وَقُرُونًۢا بَيْنَ ذَٰلِكَ كَثِيرًا ﴿٣٨﴾

38. At (gayundin ay Aming winasak) ang A'ad (mga tao ni Propeta Hud) at ang Thamud (mga tao ni Propeta Salih), at ang mga nagsisipanahan sa Ar-Rass (alalaong baga, ang balon [Sodom], o ang mga tao ni Propeta Shu'aib), at marami pang sali't saling lahi sa (kanilang) pagitan.

وَكُلًّا ضَرَبْنَا لَهُ ٱلْأَمْثَٰلَ ۖ وَكُلًّا تَبَّرْنَا تَتْبِيرًا ﴿٣٩﴾

39. At sa bawat isa sa kanila ay itinambad Namin ang mga katibayan (at aral, nguni't sila ay nagtakwil dito) at ang bawat isa (sa kanila) ay Aming inihantong sa ganap na pagkawasak (dahilan sa kanilang kawalan ng pananam-palataya at gawaing masasama).

وَلَقَدْ أَتَوْا۟ عَلَى ٱلْقَرْيَةِ ٱلَّتِىٓ أُمْطِرَتْ مَطَرَ ٱلسَّوْءِ ۚ أَفَلَمْ يَكُونُوا۟ يَرَوْنَهَا ۚ بَلْ كَانُوا۟ لَا يَرْجُونَ نُشُورًا ﴿٤٠﴾

40. At katotohanang sila ay nagdaan sa bayan ni Propeta Lut (ang Sodom), kung saan umulan ng masamang ulan (ng bato). Hindi baga nakikita ito ng (mga walang pananampalataya)? Datapuwa't sila ay sanay na, na hindi umaasa sa anumang Muling Pagkabuhay.

وَإِذَا رَأَوْكَ إِن يَتَّخِذُونَكَ إِلَّا هُزُوًا أَهَٰذَا ٱلَّذِى بَعَثَ ٱللَّهُ رَسُولًا ﴿٤١﴾

41. At kung ikaw (O Muhammad) ay kanilang nakikita, ikaw ay kanilang itinuturing lamang bilang isang katatawanan (na nagsasabi): "Ito baga siya na isinugo ni Allah bilang isang Sugo?"

إِن كَادَ لَيُضِلُّنَا عَنْ ءَالِهَتِنَا لَوْلَآ أَن صَبَرْنَا عَلَيْهَا ۚ وَسَوْفَ يَعْلَمُونَ حِينَ يَرَوْنَ ٱلْعَذَابَ مَنْ أَضَلُّ سَبِيلًا ﴿٤٢﴾

42. "Halos malapit na niyang nailihis tayo sa ating mga diyos, kung hindi lamang tayo naging matiyaga (at matiim sa ating pagsamba sa kanila)!" At kung makita na nila ang kaparusahan, kanilang mapag-aalaman kung sino ang higit na napaligaw sa (Tamang) Landas!

أَرَءَيْتَ مَنِ ٱتَّخَذَ إِلَٰهَهُۥ هَوَىٰهُ أَفَأَنتَ تَكُونُ عَلَيْهِ وَكِيلًا ﴿٤٣﴾

43. Namamalas mo ba (O Muhammad) siya na nagturing sa kanyang pagnanasa bilang kanyang diyos? Kung gayon, ikaw ba ay may pananagutan para sa kanya?

أَمْ تَحْسَبُ أَنَّ أَكْثَرَهُمْ يَسْمَعُونَ أَوْ يَعْقِلُونَ ۚ إِنْ هُمْ إِلَّا كَٱلْأَنْعَٰمِ ۖ بَلْ هُمْ أَضَلُّ

44. O ikaw ba ay nag-aakala na ang karamihan sa kanila ay nakakarinig at nakakaunawa? Sila ay katulad lamang ng mga hayop (bakahan);

datapuwa't sila ay higit na napaligaw sa Landas (alalaong baga, sila ay higit pang masahol kaysa sa mga hayop).

سَبِيلًا ﴿٤٤﴾

45. Hindi mo ba napagmasdan kung paano inilatag ng iyong Panginoon ang anino (o lilim)? Kung Kanyang ninais, magagawa Niya ito na hindi tumitinag, - at matapos ay ginawa Namin ang araw na maging gabay nito (alalaong baga, pagkatapos nang pagsikat ng araw, [ang anino o lilim] ay sumisiksik at naglalaho sa tanghaling tapat, at muli, ito ay lilitaw kung kumikiling na ang araw, at kung wala ang liwanag ng araw ay hindi magkakaroon ng anino o lilim).

أَلَمْ تَرَ إِلَىٰ رَبِّكَ كَيْفَ مَدَّ ٱلظِّلَّ وَلَوْ شَآءَ لَجَعَلَهُۥ سَاكِنًا ثُمَّ جَعَلْنَا ٱلشَّمْسَ عَلَيْهِ دَلِيلًا ﴿٤٥﴾

46. At pagkatapos ay ikinukubli Namin ito na unti-unting nakalingid.

ثُمَّ قَبَضْنَٰهُ إِلَيْنَا قَبْضًا يَسِيرًا ﴿٤٦﴾

47. At Siya ang lumikha para sa inyo ng gabi bilang inyong panganlong, at ng pagtulog (bilang) pamamahinga, at ginawa Niya ang araw (maghapon) bilang isang muling pagbangon (sa umaga at pagtungo [natin] dito at doon para sa pang-araw-araw na gawain pagkatapos ng pagtulog sa gabi, o di kaya ay katulad ng muling pagkabuhay [paggising sa umaga] matapos ang kamatayan [pagtulog sa gabi]).

وَهُوَ ٱلَّذِى جَعَلَ لَكُمُ ٱلَّيْلَ لِبَاسًا وَٱلنَّوْمَ سُبَاتًا وَجَعَلَ ٱلنَّهَارَ نُشُورًا ﴿٤٧﴾

48. At Siya ang nagsusugo ng hangin bilang (tagapaghatid ng) masayang balita, na tumutungo sa harapan ng Kanyang Habag (ang ulan), at nagpapamalisbis Kami ng dalisay na tubig mula sa alapaap, -

وَهُوَ ٱلَّذِىٓ أَرْسَلَ ٱلرِّيَٰحَ بُشْرًۢا بَيْنَ يَدَىْ رَحْمَتِهِۦ ۚ وَأَنزَلْنَا مِنَ ٱلسَّمَآءِ مَآءً طَهُورًا ﴿٤٨﴾

49. Upang magbigay-buhay Kami rito sa tigang na lupa, at mabigyan Namin ng inumin ang mga hayop at mga tao na Aming nilikha.

لِّنُحْـِۧيَ بِهِۦ بَلْدَةً مَّيْتًا وَنُسْقِيَهُۥ مِمَّا خَلَقْنَآ أَنْعَٰمًا وَأَنَاسِىَّ كَثِيرًا ﴿٤٩﴾

50. At katotohanang Aming ipinamahagi (ang ulan) sa kanila, (upang nang sa gayon) ay makaala-ala sila sa Biyaya ni Allah, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay tumatanggi, at walang tinatanggap kung hindi ang kawalan ng pananalig o walang utang na loob ng pasasalamat.

وَلَقَدْ صَرَّفْنَٰهُ بَيْنَهُمْ لِيَذَّكَّرُوا۟ فَأَبَىٰٓ أَكْثَرُ ٱلنَّاسِ إِلَّا كُفُورًا ﴿٥٠﴾

51. At kung Aming ninais, makapagpapadala Kami ng tagapagbabala sa bawat bayan.

وَلَوْ شِئْنَا لَبَعَثْنَا فِى كُلِّ قَرْيَةٍ نَّذِيرًا ﴿٥١﴾

52. Kaya't huwag mong sundin ang mga hindi sumasampalataya, at magsikhay kayo laban sa

فَلَا تُطِعِ ٱلْكَٰفِرِينَ وَجَٰهِدْهُم بِهِۦ جِهَادًا

كَبِيرًا ﴿٥٢﴾

kanila sa pamamagitan nito (alalaong baga, ang Qur'an) ng isang dakilang pagsisikhay.

۞ وَهُوَ ٱلَّذِى مَرَجَ ٱلْبَحْرَيْنِ هَٰذَا عَذْبٌ فُرَاتٌ وَهَٰذَا مِلْحٌ أُجَاجٌ وَجَعَلَ بَيْنَهُمَا بَرْزَخًا وَحِجْرًا مَّحْجُورًا ﴿٥٣﴾

53. At Siya ang nagtalaga na maging malaya ang dalawang dagat (dalawang uri ng tubig), ang isa ay naiinom at manamis-namis, at ang isa ay mapait at maalat, at Siya ang nagtakda ng isang sagka at ganap na hadlang (partisyon) sa kanilang pagitan.

وَهُوَ ٱلَّذِى خَلَقَ مِنَ ٱلْمَآءِ بَشَرًا فَجَعَلَهُۥ نَسَبًا وَصِهْرًا ۗ وَكَانَ رَبُّكَ قَدِيرًا ﴿٥٤﴾

54. At Siya ang lumikha ng tao mula sa tubig (alalaong baga, ang semilya o punlay), at ginawa mula rito ang pagkakamag-anak (sa pamamagitan) ng lipi at (sa pamamagitan) ng pag-aasawa. At ang iyong Panginoon ay Lagi nang Ganap na may Kakayahan (sa paglikha).

وَيَعْبُدُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ مَا لَا يَنفَعُهُمْ وَلَا يَضُرُّهُمْ ۗ وَكَانَ ٱلْكَافِرُ عَلَىٰ رَبِّهِۦ ظَهِيرًا ﴿٥٥﴾

55. At sila (na mga hindi sumasampalataya at mga pagano) ay sumasamba sa mga iba maliban pa kay Allah na hindi makapagbibigay sa kanila ng kapakinabangan o kapinsalaan, at ang hindi sumasampalataya ay lalagi nang katuwang (ni Satanas) laban sa kanyang Panginoon.

وَمَآ أَرْسَلْنَٰكَ إِلَّا مُبَشِّرًا وَنَذِيرًا ﴿٥٦﴾

56. At isinugo ka lamang Namin (O Muhammad) bilang isang tagapagdala ng masayang balita at isang tagapagbabala.

قُلْ مَآ أَسْـَٔلُكُمْ عَلَيْهِ مِنْ أَجْرٍ إِلَّا مَن شَآءَ أَن يَتَّخِذَ إِلَىٰ رَبِّهِۦ سَبِيلًا ﴿٥٧﴾

57. Ipagbadya: "Hindi ako humihingi sa inyo para rito ng anumang kabayaran, maliban na kung sinuman ang magnais ay makatatahak sa Landas ng kanyang Panginoon.

وَتَوَكَّلْ عَلَى ٱلْحَىِّ ٱلَّذِى لَا يَمُوتُ وَسَبِّحْ بِحَمْدِهِۦ ۚ وَكَفَىٰ بِهِۦ بِذُنُوبِ عِبَادِهِۦ خَبِيرًا ﴿٥٨﴾

58. At ilagay mo (O Muhammad) ang iyong pagtitiwala sa Kanya na Laging Buhay at Walang Kamatayan, at luwalhatiin mo ang Kanyang mga Papuri, at Siya ay Sapat na bilang Nakakaalam ng lahat ng mga kasalanan ng Kanyang mga alipin;

ٱلَّذِى خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ وَمَا بَيْنَهُمَا فِى سِتَّةِ أَيَّامٍ ثُمَّ ٱسْتَوَىٰ عَلَى ٱلْعَرْشِ ۛ ٱلرَّحْمَٰنُ فَسْـَٔلْ بِهِۦ خَبِيرًا ﴿٥٩﴾

59. (Siya) na lumikha ng kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito sa anim na Araw. At pagkatapos Siya ay nag-*Istawa* (pumaibabaw) sa *'Arsh* (Trono o Luk1ukan sa paraang naaangkop sa Kanyang Kamahalan). Ang Pinakamahabagin (Allah)! Kaya't tanungin mo Siya ([O Muhammad], tungkol sa Kanyang mga Katangian), sapagkat Siya ang Lubos na Nakakaalam (ng lahat ng mga bagay).

وَإِذَا قِيلَ لَهُمُ ٱسْجُدُوا۟ لِلرَّحْمَٰنِ قَالُوا۟ وَمَا

60. At kapag ipinagbabadya sa kanila: "Magpatirapa kayo kay *Ar-Rahman* (ang

Pinakamahabagin [Allah])! Sila ay nagsasabi: "At sino ba si *Ar-Rahman* (ang Pinakamahabagin)? Kami ba ay magpapatirapa sa Kanya na iyong ipinag-uutos sa amin (O Muhammad)?" At ito ay lalo lamang nakapagdagdag sa kanilang pagtanggi.

ٱلرَّحْمَٰنُ أَنَسْجُدُ لِمَا تَأْمُرُنَا وَزَادَهُمْ نُفُورًا ﴿٦٠﴾

61. Luwalhatiin Siya na naglagay sa kalangitan ng malalaking tala (bituin), at naglagay doon ng malaking sulo (araw), at ng isang buwan na nagbibigay-liwanag.

تَبَارَكَ ٱلَّذِى جَعَلَ فِى ٱلسَّمَآءِ بُرُوجًا وَجَعَلَ فِيهَا سِرَٰجًا وَقَمَرًا مُّنِيرًا ﴿٦١﴾

62. At Siya ang nagtalaga sa gabi at araw na magsunuran (alalaong baga, sisikat ang araw pagkatapos ng gabi, at darating ang gabi paglubog ng araw), para sa kanya na nagnanais na makaala-ala o nagnanais na maipamalas ang kanyang pagtanaw ng utang na loob (ng pasasalamat).

وَهُوَ ٱلَّذِى جَعَلَ ٱلَّيْلَ وَٱلنَّهَارَ خِلْفَةً لِّمَنْ أَرَادَ أَن يَذَّكَّرَ أَوْ أَرَادَ شُكُورًا ﴿٦٢﴾

63. At ang mga alipin ng Pinakamahabagin (Allah) ay naglalakad sa kalupaan ng may kapakumbabaan at katahimikan (pino sa pagkilos at pagsasalita), at kung ang mga lukuluko (ignorante) ay nangungusap sa kanila (ng masasamang salita), sila ay sumasagot sa pangungusap ng salita ng kapayapaan.

وَعِبَادُ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلَّذِينَ يَمْشُونَ عَلَى ٱلْأَرْضِ هَوْنًا وَإِذَا خَاطَبَهُمُ ٱلْجَٰهِلُونَ قَالُوا۟ سَلَٰمًا ﴿٦٣﴾

64. At sila na gumugugol sa bahagi ng gabi sa harapan ng kanilang Panginoon, na nagpapatirapa at nakatayo (sa pagdarasal).

وَٱلَّذِينَ يَبِيتُونَ لِرَبِّهِمْ سُجَّدًا وَقِيَٰمًا ﴿٦٤﴾

65. At sa mga nagsasabi: "O aming Panginoon! Iadya (Ninyo) sa amin ang kaparusahan ng Impiyerno. Katotohanan! Ang Pagpaparusa nito ay lalagi nang hindi magbabawa at mananatili na kaparusahan.

وَٱلَّذِينَ يَقُولُونَ رَبَّنَا ٱصْرِفْ عَنَّا عَذَابَ جَهَنَّمَ ۖ إِنَّ عَذَابَهَا كَانَ غَرَامًا ﴿٦٥﴾

66. Katotohanang ito (Impiyerno) ay kasamaan bilang isang hantungan at isang panahanan.

إِنَّهَا سَآءَتْ مُسْتَقَرًّا وَمُقَامًا ﴿٦٦﴾

67. At sila, na kung gumugugol ay hindi bulang-gugo (nag-aaksaya) at hindi rin kuripot, datapuwa't sila ay gumugugol nang katamtaman (alalaong baga, sa pagitan ng dalawang kalabisang ito).

وَٱلَّذِينَ إِذَآ أَنفَقُوا۟ لَمْ يُسْرِفُوا۟ وَلَمْ يَقْتُرُوا۟ وَكَانَ بَيْنَ ذَٰلِكَ قَوَامًا ﴿٦٧﴾

68. At sila na hindi nananalangin sa ibang diyos maliban pa kay Allah, at hindi pumapatay ng tao na ipinagbabawal ni Allah, maliban na lamang kung makatarungan, at hindi rin nangangalunya (o nakikiapid), - at sinuman ang gumawa nito ay makatatanggap ng kaparusahan.

وَٱلَّذِينَ لَا يَدْعُونَ مَعَ ٱللَّهِ إِلَٰهًا ءَاخَرَ وَلَا يَقْتُلُونَ ٱلنَّفْسَ ٱلَّتِى حَرَّمَ ٱللَّهُ إِلَّا بِٱلْحَقِّ وَلَا يَزْنُونَ ۚ وَمَن يَفْعَلْ ذَٰلِكَ يَلْقَ أَثَامًا ﴿٦٨﴾

يُضَٰعَفۡ لَهُ ٱلۡعَذَابُ يَوۡمَ ٱلۡقِيَٰمَةِ وَيَخۡلُدۡ فِيهِۦ مُهَانًا ﴿٦٩﴾

69. Ang kaparusahan ay gagawing dalawa sa kanya sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at siya ay mananatili roon sa kahihiyan;

إِلَّا مَن تَابَ وَءَامَنَ وَعَمِلَ عَمَلًا صَٰلِحًا فَأُوْلَٰٓئِكَ يُبَدِّلُ ٱللَّهُ سَيِّـَٔاتِهِمۡ حَسَنَٰتٖۗ وَكَانَ ٱللَّهُ غَفُورٗا رَّحِيمٗا ﴿٧٠﴾

70. Maliban sa mga nagsisisi at sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at gumagawa ng kabutihan, para sa kanila, papalitan ni Allah ang kanilang mga kasalanan ng mabubuting gawa, at si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَمَن تَابَ وَعَمِلَ صَٰلِحٗا فَإِنَّهُۥ يَتُوبُ إِلَى ٱللَّهِ مَتَابٗا ﴿٧١﴾

71. At sinuman ang magsisi at gumawa ng kabutihan, katotohanan kung gayon, siya ay nagsisi kay Allah nang matapat na pagtitika.

وَٱلَّذِينَ لَا يَشۡهَدُونَ ٱلزُّورَ وَإِذَا مَرُّواْ بِٱللَّغۡوِ مَرُّواْ كِرَامٗا ﴿٧٢﴾

72. At sila na hindi sumasaksi sa kabulaanan (o kasinungalingan), at kung sila ay napaparaan (nang malapit) sa masamang pag-uusap, sila ay dumaraan doon ng may dangal.

وَٱلَّذِينَ إِذَا ذُكِّرُواْ بِـَٔايَٰتِ رَبِّهِمۡ لَمۡ يَخِرُّواْ عَلَيۡهَا صُمّٗا وَعُمۡيَانٗا ﴿٧٣﴾

73. At sila, na kung pinapaalalahanan (sa pamamagitan) ng mga (Talata ng Qur'an bilang) Tanda ng kanilang Panginoon ay hindi lumulugmok na waring mga bingi at bulag (alalaong baga, sila ay tumatanggap nito nang buong katapatan).

وَٱلَّذِينَ يَقُولُونَ رَبَّنَا هَبۡ لَنَا مِنۡ أَزۡوَٰجِنَا وَذُرِّيَّٰتِنَا قُرَّةَ أَعۡيُنٖ وَٱجۡعَلۡنَا لِلۡمُتَّقِينَ إِمَامًا ﴿٧٤﴾

74. At sila na nagsasabi: "O Aming Panginoon! Inyong pagkalooban kami mula sa aming mga asawa at mga anak ng mga magiging kasiya-siya sa aming mga mata, at kami ay gawin Ninyong mga pinuno para sa *Mutaqqun* (mga matimtiman at matutuwid na mananampalataya kay Allah).

أُوْلَٰٓئِكَ يُجۡزَوۡنَ ٱلۡغُرۡفَةَ بِمَا صَبَرُواْ وَيُلَقَّوۡنَ فِيهَا تَحِيَّةٗ وَسَلَٰمٗا ﴿٧٥﴾

75. Sila ang gagantimpalaan ng pinakamataas na lugar (sa Paraiso) dahilan sa kanilang pagtitiyaga. At dito, sila ay sasalubungin ng mga pagbati at *Salam* (salita ng kapayapaan at paggalang),

خَٰلِدِينَ فِيهَاۚ حَسُنَتۡ مُسۡتَقَرّٗا وَمُقَامٗا ﴿٧٦﴾

76. Na mananatili sila rito magpakailanman. Ito (Paraiso) ay napakainam bilang isang hantungan at isang panahanan.

قُلۡ مَا يَعۡبَؤُاْ بِكُمۡ رَبِّي لَوۡلَا دُعَآؤُكُمۡۖ فَقَدۡ كَذَّبۡتُمۡ فَسَوۡفَ يَكُونُ لِزَامٗا ﴿٧٧﴾

77. Ipagbadya (O Muhammad, sa mga hindi sumasampalataya): "Ano ang dahilan upang ang aking Panginoon ay mangalaga sa inyo, kung hindi lamang sa inyong pananalangin (pagsamba sa Kanya). Katotohanang kayo ay nagtatwa (sa Kanya). Kaya't ang kaparusahan ay sasainyo magpakailanman (hindi magbabawa at mananatiling kaparusahan).

Surah 26

Surat Ash-Shu'ara
(Ang Mga Makata)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ta, Sin, Mim. (Mga titik Ta, Sa, Ma. Ang mga titik na ito ay isa sa mga milagro ng Qur'an at wala ng iba maliban lamang kay Allah ang nakababatid sa kahulugan nito).

طسٓمٓ ﴿١﴾

2. Ito ang mga Talata ng maliwanag na Aklat (ang Qur'an na ipinangako ni Allah sa *Torah* [mga Batas] at Ebanghelyo, upang ang mga bagay ay maging maliwanag).

تِلْكَ ءَايَٰتُ ٱلْكِتَٰبِ ٱلْمُبِينِ ﴿٢﴾

3. Maaaring ikaw (O Muhammad) ay magtangka na pumatay sa iyong sarili ng may kapighatian, sa dahilang sila ay hindi naniwala (sa iyong pagka-Propeta at sa iyong Mensahe ng Kaisahan ni Allah at ng Islam).

لَعَلَّكَ بَٰخِعٌ نَّفْسَكَ أَلَّا يَكُونُوا۟ مُؤْمِنِينَ ﴿٣﴾

4. Kung Aming ninais ay Aming maipapanaog sa kanila mula sa kalangitan ang isang tanda, at dahil dito ay iyuyuko nila ang kanilang leeg sa kapakumbabaan.

إِن نَّشَأْ نُنَزِّلْ عَلَيْهِم مِّنَ ٱلسَّمَآءِ ءَايَةً فَظَلَّتْ أَعْنَٰقُهُمْ لَهَا خَٰضِعِينَ ﴿٤﴾

5. At wala pang bagong kapahayagan mula sa Pinakamahabagin (Allah) ang dumating sa kanila nang hindi nila tinalikuran.

وَمَا يَأْتِيهِم مِّن ذِكْرٍ مِّنَ ٱلرَّحْمَٰنِ مُحْدَثٍ إِلَّا كَانُوا۟ عَنْهُ مُعْرِضِينَ ﴿٥﴾

6. Katotohanang itinakwil nila (ang Qur'an), at ang balita ng kanilang tinutuya ay sasapit sa kanila.

فَقَدْ كَذَّبُوا۟ فَسَيَأْتِيهِمْ أَنۢبَٰٓؤُا۟ مَا كَانُوا۟ بِهِۦ يَسْتَهْزِءُونَ ﴿٦﴾

7. Hindi baga nila namamasdan ang kalupaan, - kung gaano karami ang lahat ng uri ng mabuting pananim na Aming pinatubo rito?

أَوَلَمْ يَرَوْا۟ إِلَى ٱلْأَرْضِ كَمْ أَنۢبَتْنَا فِيهَا مِن كُلِّ زَوْجٍ كَرِيمٍ ﴿٧﴾

8. Katotohanang naririto ang katibayan (o Tanda), datapuwa't ang karamihan sa kanila (mga pagano, mapagsamba sa diyus-diyosan na hindi nananalig sa Muling Pagkabuhay) ay hindi sumasampalataya.

إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَةً ۖ وَمَا كَانَ أَكْثَرُهُم مُّؤْمِنِينَ ﴿٨﴾

9. At katotohanan ang inyong Panginoon! Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Pinakamaawain.

وَإِنَّ رَبَّكَ لَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلرَّحِيمُ ﴿٩﴾

10. At (alalahanin) nang ang iyong Panginoon ay tumawag kay Moises (na nagsasabi): "Pumaroon ka sa mga tao na *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian),

وَإِذْ نَادَىٰ رَبُّكَ مُوسَىٰٓ أَنِ ٱئْتِ ٱلْقَوْمَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿١٠﴾

11. Sa mga tao ni Paraon. Hindi baga nila pangangambahan si Allah at magiging matuwid sa kabutihan?"

قَوْمَ فِرْعَوْنَ ۚ أَلَا يَتَّقُونَ ﴿١١﴾

12. Siya (Moises) ay nagsabi: "O Aking Panginoon! Ako ay nangangamba na ako ay kanilang pasisinungalingan,

قَالَ رَبِّ إِنِّيٓ أَخَافُ أَن يُكَذِّبُونِ ﴿١٢﴾

13. Ang aking dibdib ay naninikip, at ang aking dila ay naninigas (at hindi makapangungusap), kaya't suguin ninyo si Aaron (na sumama sa akin).

وَيَضِيقُ صَدْرِى وَلَا يَنطَلِقُ لِسَانِى فَأَرْسِلْ إِلَىٰ هَٰرُونَ ﴿١٣﴾

14. At sila ay may paratang na krimen laban sa akin, at ako ay nangangamba na ako ay kanilang papatayin."

وَلَهُمْ عَلَىَّ ذَنۢبٌ فَأَخَافُ أَن يَقْتُلُونِ ﴿١٤﴾

15. Si Allah ay nagwika: "Hindi! Kayo ay kapwa pumaroon doon na dala ang Aming mga Tanda. Katotohanang Kami ay kasama (kakampi) ninyo na nakikinig."

قَالَ كَلَّا ۖ فَٱذْهَبَا بِـَٔايَٰتِنَآ ۖ إِنَّا مَعَكُم مُّسْتَمِعُونَ ﴿١٥﴾

16. At kayo ay kapwa pumaroon kay Paraon at inyong ipahayag: "Kami ay mga Sugo ng Panginoon ng lahat ng mga nilalang, -

فَأْتِيَا فِرْعَوْنَ فَقُولَآ إِنَّا رَسُولُ رَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿١٦﴾

17. Kaya't hayaan (mong) sumama sa amin ang Angkan ng Israel."

أَنْ أَرْسِلْ مَعَنَا بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ ﴿١٧﴾

18. (Si Paraon) ay nagsabi (kay Moises): "Hindi baga ikaw ay pinalaki namin bilang aming anak? At ikaw ay namuhay sa amin sa maraming taon ng iyong buhay.

قَالَ أَلَمْ نُرَبِّكَ فِينَا وَلِيدًا وَلَبِثْتَ فِينَا مِنْ عُمُرِكَ سِنِينَ ﴿١٨﴾

19. At ikaw ay gumawa ng isang gawa (na batid mong) ikaw ang may kagagawan (alalaong baga, ang krimen ng pagpatay sa isang tao). At ikaw ay isa sa mga walang utang na loob."

وَفَعَلْتَ فَعْلَتَكَ ٱلَّتِى فَعَلْتَ وَأَنتَ مِنَ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿١٩﴾

20. Si Moises ay nagsabi: "Nagawa ko yaon nang ako ay wala pang muwang (sa mga pag-uutos at mensahe ng aking Panginoon).

قَالَ فَعَلْتُهَآ إِذًا وَأَنَا۠ مِنَ ٱلضَّآلِّينَ ﴿٢٠﴾

21. Kaya't ako ay tumakas sa iyo nang ako ay matakot sa inyo. Kaya't ang aking Panginoon ay nagkaloob sa akin ng karunungang pangrelihiyon (kaalaman, tamang paghatol, at pagka-Propeta) at Kanyang hinirang ako bilang isa sa mga Sugo.

فَفَرَرْتُ مِنكُمْ لَمَّا خِفْتُكُمْ فَوَهَبَ لِى رَبِّى حُكْمًا وَجَعَلَنِى مِنَ ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿٢١﴾

وَتِلْكَ نِعْمَةٌ تَمُنُّهَا عَلَيَّ أَنْ عَبَّدتَّ بَنِيٓ إِسْرَٰٓءِيلَ ﴿٢٢﴾

22. At ito ang nakaraang pabor (utang na loob) na tinutunton mo sa akin, - na iyong inalipin ang Angkan ng Israel."

قَالَ فِرْعَوْنُ وَمَا رَبُّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٢٣﴾

23. Si Paraon ay nagsabi: "At sino ang Panginoon ng *Aalamin* (sangkatauhan, mga *Jinn* at lahat ng mga nilalang)?"

قَالَ رَبُّ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَمَا بَيْنَهُمَآ ۖ إِن كُنتُم مُّوقِنِينَ ﴿٢٤﴾

24. Si Moises ay nagpahayag: "(Siya) ang Panginoon ng kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito, kung kayo ay marapat na mahikayat (alalaong baga, maniwala nang walang pasubali)."

قَالَ لِمَنْ حَوْلَهُۥٓ أَلَا تَسْتَمِعُونَ ﴿٢٥﴾

25. Si Paraon ay nagsabi sa mga naroroon: "Hindi baga ninyo narinig (ang kanyang sinabi)?"

قَالَ رَبُّكُمْ وَرَبُّ ءَابَآئِكُمُ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿٢٦﴾

26. Si Moises ay nagsabi: "(Siya) ang iyong Panginoon at Panginoon ng iyong mga ninuno na nanga-una!"

قَالَ إِنَّ رَسُولَكُمُ ٱلَّذِيٓ أُرْسِلَ إِلَيْكُمْ لَمَجْنُونٌ ﴿٢٧﴾

27. Si Paraon ay nagsabi: "Katotohanan, ang inyong Sugo na isinugo sa inyo ay isang nasisiraan ng bait!"

قَالَ رَبُّ ٱلْمَشْرِقِ وَٱلْمَغْرِبِ وَمَا بَيْنَهُمَآ ۖ إِن كُنتُمْ تَعْقِلُونَ ﴿٢٨﴾

28. Si Moises ay nagsabi: "(Siya) ang Panginoon ng Silangan at Kanluran, at lahat ng nasa pagitan nito, kung inyo lamang nauunawaan!"

قَالَ لَئِنِ ٱتَّخَذْتَ إِلَٰهًا غَيْرِى لَأَجْعَلَنَّكَ مِنَ ٱلْمَسْجُونِينَ ﴿٢٩﴾

29. Si Paraon ay nagsabi: "Kung ikaw ay pipili ng diyos na iba pa sa akin, katiyakang ipipiit kita na kasama ng ibang mga bilanggo."

قَالَ أَوَلَوْ جِئْتُكَ بِشَىْءٍ مُّبِينٍ ﴿٣٠﴾

30. Si Moises ay nagsabi: "Kahit na dalhin ko sa iyo ang isang bagay na maliwanag (at nakahihikayat)?"

قَالَ فَأْتِ بِهِۦٓ إِن كُنتَ مِنَ ٱلصَّٰدِقِينَ ﴿٣١﴾

31. Si Paraon ay nagsabi: "Kung gayon, dalhin mo yaon dito, kung ikaw ay kabilang sa mga nagsasabi ng katotohanan!"

فَأَلْقَىٰ عَصَاهُ فَإِذَا هِىَ ثُعْبَانٌ مُّبِينٌ ﴿٣٢﴾

32. Kaya't inihagis (ni Moises) ang kanyang tungkod, at kapagdaka, ito ay naging isang ahas na naglulumantad.

وَنَزَعَ يَدَهُۥ فَإِذَا هِىَ بَيْضَآءُ لِلنَّٰظِرِينَ ﴿٣٣﴾

33. At inilabas niya ang kanyang kamay, at kapagdaka, ito ay naging ganap na kaputian sa mga nakamamasid!

قَالَ لِلْمَلَإِ حَوْلَهُۥٓ إِنَّ هَٰذَا لَسَٰحِرٌ عَلِيمٌ ﴿٣٤﴾

34. Si (Paraon) ay nagsabi sa mga pinuno sa paligid niya: "Katotohanan! Ito ay walang pagsala na (gawa) ng isang bihasang manggagaway (o salamangkero).

يُرِيدُ أَن يُخْرِجَكُم مِّنْ أَرْضِكُم بِسِحْرِهِۦ فَمَاذَا تَأْمُرُونَ ﴿٣٥﴾

35. Ibig niyang itaboy kayo sa inyong lupain sa pamamagitan ng kanyang panggagaway, kaya't ano ang inyong maipapayo, at ano ang inyong maipag-uutos?"

قَالُوٓا۟ أَرْجِهْ وَأَخَاهُ وَٱبْعَثْ فِى ٱلْمَدَآئِنِ
حَٰشِرِينَ ﴿٣٦﴾

يَأْتُوكَ بِكُلِّ سَحَّارٍ عَلِيمٍ ﴿٣٧﴾

فَجُمِعَ ٱلسَّحَرَةُ لِمِيقَٰتِ يَوْمٍ مَّعْلُومٍ ﴿٣٨﴾

وَقِيلَ لِلنَّاسِ هَلْ أَنتُم مُّجْتَمِعُونَ ﴿٣٩﴾

لَعَلَّنَا نَتَّبِعُ ٱلسَّحَرَةَ إِن كَانُوا۟ هُمُ ٱلْغَٰلِبِينَ
﴿٤٠﴾

فَلَمَّا جَآءَ ٱلسَّحَرَةُ قَالُوا۟ لِفِرْعَوْنَ أَئِنَّ لَنَا لَأَجْرًا
إِن كُنَّا نَحْنُ ٱلْغَٰلِبِينَ ﴿٤١﴾

قَالَ نَعَمْ وَإِنَّكُمْ إِذًا لَّمِنَ ٱلْمُقَرَّبِينَ ﴿٤٢﴾

قَالَ لَهُم مُّوسَىٰٓ أَلْقُوا۟ مَآ أَنتُم مُّلْقُونَ ﴿٤٣﴾

فَأَلْقَوْا۟ حِبَالَهُمْ وَعِصِيَّهُمْ وَقَالُوا۟ بِعِزَّةِ
فِرْعَوْنَ إِنَّا لَنَحْنُ ٱلْغَٰلِبُونَ ﴿٤٤﴾

فَأَلْقَىٰ مُوسَىٰ عَصَاهُ فَإِذَا هِىَ تَلْقَفُ مَا
يَأْفِكُونَ ﴿٤٥﴾

فَأُلْقِىَ ٱلسَّحَرَةُ سَٰجِدِينَ ﴿٤٦﴾

قَالُوٓا۟ ءَامَنَّا بِرَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٤٧﴾

رَبِّ مُوسَىٰ وَهَٰرُونَ ﴿٤٨﴾

قَالَ ءَامَنتُمْ لَهُۥ قَبْلَ أَنْ ءَاذَنَ لَكُمْ ۖ إِنَّهُۥ
لَكَبِيرُكُمُ ٱلَّذِى عَلَّمَكُمُ ٱلسِّحْرَ فَلَسَوْفَ
تَعْلَمُونَ ۚ لَأُقَطِّعَنَّ أَيْدِيَكُمْ وَأَرْجُلَكُم مِّنْ خِلَٰفٍ
وَلَأُصَلِّبَنَّكُمْ أَجْمَعِينَ ﴿٤٩﴾

36. Sila ay nagsabi: "Pigilan mo siya at ang kanyang kapatid (nang pansamantala), at magpadala ka ng mga tagatawag sa mga lungsod;

37. Upang dalhin sa iyo ang lahat ng magagaling na manggagaway."

38. Kaya't ang mga manggagaway ay inihanay na lahat sa takdang araw at oras na itinalaga.

39. At ipinagbadya sa mga tao: "Kayo rin ba ay magsisihanay?

40. Upang ating masundan ang mga manggagaway (na kapanalig ni Paraon sa kanyang relihiyon ng kawalang-paniniwala), kung sila ay magtatagumpay."

41. Kaya't nang ang mga manggagaway ay dumating, sila ay nagsabi kay Paraon: "Mayroon bang tiyak na gantimpala na aming tatamuhin kung kami ay manalo?"

42. Siya ay nagsabi: "Oo, at kayo ay katiyakan na mapapabilang sa mga malalapit (sa akin)."

43. Si Moises ay nagsabi sa kanila: "Ihagis ninyo kung ano ang gusto ninyong ihagis!"

44. Kaya't inihagis nila ang kanilang mga lubid at kanilang mga tungkod, at nagsabi: "Sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Paraon, kami ang tunay na magtatagumpay!"

45. Nang magkagayon, ay inihagis ni Moises ang kanyang tungkod, at kapagdaka, nilagom nito ang lahat ng mga kabulaanan na kanilang ipinamalas!

46. At ang mga manggagaway ay lumugmok na nagpapatirapa,

47. Na nagsasabi: "Kami ay sumasampalataya sa Panginoon ng *Aalamin* (sangkatauhan, mga *Jinn* at lahat ng mga nilalang).

48. Ang Panginoon ni Moises at Aaron."

49. Si (Paraon) ay nagsabi: "Kayo ay naniwala na sa kanya bago ko pa kayo bigyan ng pahintulot. Katotohanang siya ay inyong pinuno na nagturo sa inyo ng salamangka! Kaya't katotohanang mapag-aalaman ninyo. Katotohanang aking puputulin ang inyong mga kamay at paa sa magkabilang panig, at kayong

lahat ay aking pahihirapan (ititirik sa krus)."

قَالُوا۟ لَا ضَيْرَ ۖ إِنَّآ إِلَىٰ رَبِّنَا مُنقَلِبُونَ ﴿٥٠﴾

50. Sila ay nagsabi: "Walang kapinsalaan! Katotohanang sa aming Panginoon (Allah), kaming lahat ay magbabalik;

إِنَّا نَطْمَعُ أَن يَغْفِرَ لَنَا رَبُّنَا خَطَٰيَٰنَآ أَن كُنَّآ أَوَّلَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٥١﴾

51. Katotohanan! Kami ay lubusang umaasa na ang aming Panginoon ay magpapatawad ng aming mga kasalanan, sapagkat kami ang una sa mga sumasampalataya (sa pagka-Propeta ni Moises at sa ipinahayag sa kanya ni Allah)."

۞ وَأَوْحَيْنَآ إِلَىٰ مُوسَىٰٓ أَنْ أَسْرِ بِعِبَادِىٓ إِنَّكُم مُّتَّبَعُونَ ﴿٥٢﴾

52. At binigyan Namin ng inspirasyon si Moises na nagsasabi: "Kaunin mo ang Aking mga alipin sa gabi, katotohanang kayo ay tutugisin."

فَأَرْسَلَ فِرْعَوْنُ فِى ٱلْمَدَآئِنِ حَٰشِرِينَ ﴿٥٣﴾

53. Nang magkagayon, si Paraon ay nagpadala ng mga tagatawag sa mga lungsod.

إِنَّ هَٰٓؤُلَآءِ لَشِرْذِمَةٌ قَلِيلُونَ ﴿٥٤﴾

54. (Na nagsasabi): "Katotohanang sila ay isa lamang maliit na lipon.

وَإِنَّهُمْ لَنَا لَغَآئِظُونَ ﴿٥٥﴾

55. At katotohanang sila ay gumawa ng bagay na nakapagbigay-poot sa amin;

وَإِنَّا لَجَمِيعٌ حَٰذِرُونَ ﴿٥٦﴾

56. At tayo ay mga nananahan dito na nakahanda at ganap na napasabihan."

فَأَخْرَجْنَٰهُم مِّن جَنَّٰتٍ وَعُيُونٍ ﴿٥٧﴾

57. Kaya't Aming pinalabas sila (ang mga tao ni Paraon) mula sa mga halamanan at batis,

وَكُنُوزٍ وَمَقَامٍ كَرِيمٍ ﴿٥٨﴾

58. Sa mga kayamanan at sa lahat ng uri ng marangal na lugar.

كَذَٰلِكَ وَأَوْرَثْنَٰهَا بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ ﴿٥٩﴾

59. Kaya't sa gayong paraan, hinayaan Naming ang Angkan ng Israel ang humalili (o magmana) sa kanila.

فَأَتْبَعُوهُم مُّشْرِقِينَ ﴿٦٠﴾

60. Kaya't kanilang tinugis sila sa sandali nang pagsikat ng araw.

فَلَمَّا تَرَٰٓءَا ٱلْجَمْعَانِ قَالَ أَصْحَٰبُ مُوسَىٰٓ إِنَّا لَمُدْرَكُونَ ﴿٦١﴾

61. At nang ang dalawang pangkat ay magtagpo sa isa't isa, ang pamayanan ni Moises ay nagsabi: "Katiyakang tayo ay kanilang maaabutan."

قَالَ كَلَّآ ۖ إِنَّ مَعِىَ رَبِّى سَيَهْدِينِ ﴿٦٢﴾

62. Si (Moises) ay sumagot: "Hindi, katotohanan! Nasa panig (kasama) ko ang aking Panginoon, ako ay Kanyang papatnubayan."

فَأَوْحَيْنَآ إِلَىٰ مُوسَىٰٓ أَنِ ٱضْرِب بِّعَصَاكَ ٱلْبَحْرَ ۖ فَٱنفَلَقَ فَكَانَ كُلُّ فِرْقٍ كَٱلطَّوْدِ ٱلْعَظِيمِ ﴿٦٣﴾

63. At binigyang-inspirasyon Namin si Moises (at sa kanya ay winika): "Hampasin mo ng iyong tungkod ang dagat." At ito ay naghiwalay (bumuka), at ang bawat bahagi (ng gilid ng tubig-dagat) ay naging malaki at mataas (na anyo) ng bundok.

وَأَزْلَفْنَا ثَمَّ ٱلْـَٔاخَرِينَ ﴿٦٤﴾

64. At hinayaan Namin na ang ilan sa pangkat

ni Paraon ay mapalapit sa lugar na yaon.

65. At iniligtas Namin si Moises at ang lahat ng kasama niya.

وَأَنجَيْنَا مُوسَىٰ وَمَن مَّعَهُۥٓ أَجْمَعِينَ ﴿٦٥﴾

66. At Aming nilunod ang mga iba (ang pangkat ni Paraon).

ثُمَّ أَغْرَقْنَا ٱلْـَٔاخَرِينَ ﴿٦٦﴾

67. Katiyakang naririto ang Katibayan, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi sumasampalataya.

إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَةً ۖ وَمَا كَانَ أَكْثَرُهُم مُّؤْمِنِينَ ﴿٦٧﴾

68. At katotohanan ang iyong Panginoon, Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Pinakamaawain.

وَإِنَّ رَبَّكَ لَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلرَّحِيمُ ﴿٦٨﴾

69. At basahin (dalitin) mo sa kanila ang kasaysayan ni Abraham,

وَٱتْلُ عَلَيْهِمْ نَبَأَ إِبْرَٰهِيمَ ﴿٦٩﴾

70. Nang sabihin niya sa kanyang ama at sa kanyang mga tao: "Ano baga ang inyong sinasamba?"

إِذْ قَالَ لِأَبِيهِ وَقَوْمِهِۦ مَا تَعْبُدُونَ ﴿٧٠﴾

71. Sila ay nagsabi: "Kami ay sumasamba sa mga imahen, at sa kanila kami ay lagi nang matimtiman."

قَالُوا۟ نَعْبُدُ أَصْنَامًا فَنَظَلُّ لَهَا عَٰكِفِينَ ﴿٧١﴾

72. Siya (Abraham) ay nagsabi: "Kayo ba ay naririnig nila, kung kayo ay nananalangin (sa kanila)?

قَالَ هَلْ يَسْمَعُونَكُمْ إِذْ تَدْعُونَ ﴿٧٢﴾

73. O sila ba ay nagbibigay ng kapakinabangan sa inyo o pinipinsala nila (kayo)?"

أَوْ يَنفَعُونَكُمْ أَوْ يَضُرُّونَ ﴿٧٣﴾

74. Sila ay nagsabi: "Hindi, nguni't nakagisnan na namin ang aming mga ninuno na gumagawa ng ganito."

قَالُوا۟ بَلْ وَجَدْنَآ ءَابَآءَنَا كَذَٰلِكَ يَفْعَلُونَ ﴿٧٤﴾

75. Siya (Abraham) ay nagsabi: "Isinaalang-alang ba ninyo ang mga bagay na inyong sinasamba?"

قَالَ أَفَرَءَيْتُم مَّا كُنتُمْ تَعْبُدُونَ ﴿٧٥﴾

76. "Kayo at ang inyong mga ninuno noon pa sa panahong sinauna?" -

أَنتُمْ وَءَابَآؤُكُمُ ٱلْأَقْدَمُونَ ﴿٧٦﴾

77. Katotohanan! Sila ay aking mga kaaway, maliban sa Panginoon ng *Aalamin* (sangkatauhan, mga *Jinn* at lahat ng mga nilalang);

فَإِنَّهُمْ عَدُوٌّ لِّىٓ إِلَّا رَبَّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٧٧﴾

78. Na lumikha sa akin, at Siya na Tanging namamatnubay sa akin;

ٱلَّذِى خَلَقَنِى فَهُوَ يَهْدِينِ ﴿٧٨﴾

79. At Siya ang nagpapakain at nagbibigay sa akin ng inumin.

وَٱلَّذِى هُوَ يُطْعِمُنِى وَيَسْقِينِ ﴿٧٩﴾

80. At nang ako ay nagkasakit, Siya ang nagbibigay-lunas sa akin;

وَإِذَا مَرِضْتُ فَهُوَ يَشْفِينِ ﴿٨٠﴾

81. At Siya ang maggagawad sa akin ng kamatayan, at Siya rin ang magbabangon sa akin sa (muling) pagkabuhay;

وَٱلَّذِى يُمِيتُنِى ثُمَّ يُحْيِينِ ﴿٨١﴾

82. At sa Kanya, ako ay nanalig na (Siya ay)

وَٱلَّذِىٓ أَطْمَعُ أَن يَغْفِرَ لِى خَطِيٓـَٔتِى يَوْمَ

magpapatawad ng aking mga kamalian sa Araw ng Kabayaran (ang Araw ng Muling Pagkabuhay),

اَلدِّيْنِ ﴿٨٢﴾

83. O Aking Panginoon! Inyong gawaran ako ng karunungang pangrelihiyon (pagka-Propeta), at ako ay Inyong ibilang sa mga matutuwid;

رَبِّ هَبْ لِي حُكْمًا وَّاَلْحِقْنِي بِالصّٰلِحِيْنَ ﴿٨٣﴾

84. At Inyong pagkalooban ako ng isang banggit ng karangalan (alalaong baga, ng reputasyon) sa lipon ng mga darating na sali't saling lahi;

وَاجْعَلْ لِّي لِسَانَ صِدْقٍ فِي الْاٰخِرِيْنَ ﴿٨٤﴾

85. At Inyong gawin ako na isa sa mga tagapagmana ng Paraiso ng Kasiyahan;

وَاجْعَلْنِي مِنْ وَّرَثَةِ جَنَّةِ النَّعِيْمِ ﴿٨٥﴾

86. At patawarin Ninyo ang aking ama, katotohanang siya ay isa sa mga nalilihis (ng landas);

وَاغْفِرْ لِاَبِيْٓ اِنَّهٗ كَانَ مِنَ الضَّآلِّيْنَ ﴿٨٦﴾

87. At ako ay huwag Ninyong alisan ng biyaya sa Araw (na ang lahat ng mga nilikha) ay muling ibabangon;

وَلَا تُخْزِنِيْ يَوْمَ يُبْعَثُوْنَ ﴿٨٧﴾

88. Sa Araw na ang kayamanan at mga anak ay hindi makapapanaig,

يَوْمَ لَا يَنْفَعُ مَالٌ وَّلَا بَنُوْنَ ﴿٨٨﴾

89. Maliban sa kanya na magdadala kay Allah ng isang malinis na puso (malinis sa pagsamba sa mga diyus-diyosan [*Shirk*] at pagkukunwari [*Nifaq*]).''

اِلَّا مَنْ اَتَى اللّٰهَ بِقَلْبٍ سَلِيْمٍ ﴿٨٩﴾

90. At ang Paraiso ay itatambad nang malapit sa *Muttaqun* (mga mabubuti at matutuwid na mananampalataya kay Allah).

وَاُزْلِفَتِ الْجَنَّةُ لِلْمُتَّقِيْنَ ﴿٩٠﴾

91. At ang Apoy (Impiyerno) ay ilalantad nang ganap sa paningin ng mga makasalanan.

وَبُرِّزَتِ الْجَحِيْمُ لِلْغَاوِيْنَ ﴿٩١﴾

92. At sa kanila ay ipagbabadya: "Nasaan sila (mga diyus-diyosan na inyong itinatambal kay Allah) na lagi ninyong sinasamba?, -

وَقِيْلَ لَهُمْ اَيْنَ مَا كُنْتُمْ تَعْبُدُوْنَ ﴿٩٢﴾

93. Maliban pa kay Allah? Sila ba ay makapagbibigay ng tulong sa inyo (o di kaya) ay matutulungan nila ang kanilang sarili?''

مِنْ دُوْنِ اللّٰهِ هَلْ يَنْصُرُوْنَكُمْ اَوْ يَنْتَصِرُوْنَ ﴿٩٣﴾

94. Kaya't sila ay ibabagsak sa loob nito (alalaong baga, ang Impiyerno), sila at ang mga demonyo, at lahat ng mga nasa kamalian at kalihisan,

فَكُبْكِبُوْا فِيْهَا هُمْ وَالْغَاوٗنَ ﴿٩٤﴾

95. At ang buong lipon ni Iblis (Satanas) nang sama-sama.

وَجُنُوْدُ اِبْلِيْسَ اَجْمَعُوْنَ ﴿٩٥﴾

96. Sila ay magsasabi habang sila ay nagtatalo (at nagsisisihan) doon,

قَالُوْا وَهُمْ فِيْهَا يَخْتَصِمُوْنَ ﴿٩٦﴾

97. Sa (Ngalan) ni Allah, katiyakang tayo ay nasa maliwanag na kamalian,

تَاللّٰهِ اِنْ كُنَّا لَفِيْ ضَلٰلٍ مُّبِيْنٍ ﴿٩٧﴾

إِذْ نُسَوِّيكُم بِرَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٩٨﴾

98. Nang aming ipinantay kayo (ang mga huwad na diyos) sa Panginoon ng *Aalamin* (sangkatauhan, mga *Jinn* at lahat ng mga nilalang);

وَمَآ أَضَلَّنَآ إِلَّا ٱلْمُجْرِمُونَ ﴿٩٩﴾

99. At wala ng iba pa ang naghatid sa amin sa kamalian kung hindi ang *Mujrimun* (si Iblis [Satanas] at mga tao na buhong, pagano, buktot, mapang-api).

فَمَا لَنَا مِن شَٰفِعِينَ ﴿١٠٠﴾

100. Ngayon, kami ay walang mga tagapamagitan,

وَلَا صَدِيقٍ حَمِيمٍ ﴿١٠١﴾

101. Gayundin ng isang malapit na kaibigan (upang kami ay tulungan).

فَلَوْ أَنَّ لَنَا كَرَّةً فَنَكُونَ مِنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿١٠٢﴾

102. (Oh!) Kung kami ay mayroon lamang na isa pang pagkakataon na makabalik (sa mundo), katiyakang kami ay mapapabilang sa mga sumasampalataya!

إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَةً ۖ وَمَا كَانَ أَكْثَرُهُم مُّؤْمِنِينَ ﴿١٠٣﴾

103. Katotohanan! Naririto ang isang tiyak na Tanda, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay hindi sumasampalataya.

وَإِنَّ رَبَّكَ لَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلرَّحِيمُ ﴿١٠٤﴾

104. At katotohanan, ang iyong Panginoon! Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Pinakamaawain.

كَذَّبَتْ قَوْمُ نُوحٍ ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿١٠٥﴾

105. Ang mga tao (pamayanan) ni Noah ay nagpasinungaling sa mga Sugo,

إِذْ قَالَ لَهُمْ أَخُوهُمْ نُوحٌ أَلَا تَتَّقُونَ ﴿١٠٦﴾

106. Nang ang kanilang kapatid na si Noah ay nangusap sa kanila: "Hindi baga ninyo pangangambahan si Allah at susundin Siya?

إِنِّى لَكُمْ رَسُولٌ أَمِينٌ ﴿١٠٧﴾

107. Ako ay isang mapagkakatiwalaang Sugo sa inyo.

فَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَأَطِيعُونِ ﴿١٠٨﴾

108. Kaya't pangambahan ninyo si Allah (panatilihin ang inyong tungkulin sa Kanya) at ako ay inyong sundin.

وَمَآ أَسْـَٔلُكُمْ عَلَيْهِ مِنْ أَجْرٍ ۖ إِنْ أَجْرِىَ إِلَّا عَلَىٰ رَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿١٠٩﴾

109. Walang anumang gantimpala ang hinihingi ko sa inyo para rito (sa aking pagbibigay ng Mensahe ng Islam at Kaisahan ni Allah), ang aking biyaya ay nagmumula lamang sa Panginoon ng *Aalamin* (sangkatauhan, mga *Jinn* at lahat ng mga nilalang).

فَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَأَطِيعُونِ ﴿١١٠﴾

110. Kaya't pangambahan ninyo si Allah at ako ay inyong sundin."

قَالُوٓا۟ أَنُؤْمِنُ لَكَ وَٱتَّبَعَكَ ٱلْأَرْذَلُونَ ﴿١١١﴾

111. Sila ay nagsasabi: "Kami ba ay marapat na maniwala sa iyo, samantalang ikaw ay sinusunod lamang ng mga taong hamak sa lipunan?"

قَالَ وَمَا عِلْمِي بِمَا كَانُوا يَعْمَلُونَ ﴿١١٢﴾

112. Siya (Noah) ay nagsabi: "At ano ba ang aking kaalaman kung anuman ang kanilang ginagawa?

إِنْ حِسَابُهُمْ إِلَّا عَلَىٰ رَبِّي لَوْ تَشْعُرُونَ ﴿١١٣﴾

113. Ang kanilang pagsusulit ay tanging nasa aking Panginoon kung inyo (lamang) nalalaman.

وَمَا أَنَا بِطَارِدِ الْمُؤْمِنِينَ ﴿١١٤﴾

114. At hindi ko gagawin na itaboy ang mga sumasampalataya.

إِنْ أَنَا إِلَّا نَذِيرٌ مُبِينٌ ﴿١١٥﴾

115. Ako ay isa lamang lantad na tagapagbabala."

قَالُوا لَئِن لَّمْ تَنتَهِ يَا نُوحُ لَتَكُونَنَّ مِنَ الْمَرْجُومِينَ ﴿١١٦﴾

116. Sila ay nagsasabi: "Kung ikaw ay hindi magtitigil, O Noah! Katiyakang ikaw ay mapapabilang sa mga babatuhin (hanggang kamatayan)."

قَالَ رَبِّ إِنَّ قَوْمِي كَذَّبُونِ ﴿١١٧﴾

117. Siya (Noah) ay nagsabi: "O Aking Panginoon! Katotohanan, ang aking pamayanan ay nagpasinungaling sa akin.

فَافْتَحْ بَيْنِي وَبَيْنَهُمْ فَتْحًا وَنَجِّنِي وَمَن مَّعِيَ مِنَ الْمُؤْمِنِينَ ﴿١١٨﴾

118. Kaya't Kayo ang humatol sa pagitan ko at nila, at Inyong iligtas ako at ang mga sumasampalataya na kapiling ko."

فَأَنجَيْنَاهُ وَمَن مَّعَهُ فِي الْفُلْكِ الْمَشْحُونِ ﴿١١٩﴾

119. At Aming iniligtas siya at ang kanyang mga kasama sa nalululanang barko.

ثُمَّ أَغْرَقْنَا بَعْدُ الْبَاقِينَ ﴿١٢٠﴾

120. At pagkatapos ay Aming nilunod ang mga nalalabi (mga hindi sumasampalataya matapos ang pagliligtas kay Noah at sa kanyang mga kasama na sumasampalataya).

إِنَّ فِي ذَٰلِكَ لَآيَةً وَمَا كَانَ أَكْثَرُهُم مُّؤْمِنِينَ ﴿١٢١﴾

121. Katotohanan! Naririto ang isang tiyak na Tanda, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi sumasampalataya.

وَإِنَّ رَبَّكَ لَهُوَ الْعَزِيزُ الرَّحِيمُ ﴿١٢٢﴾

122. At katotohanan! Ang iyong Panginoon, Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Pinakamaawain.

كَذَّبَتْ عَادٌ الْمُرْسَلِينَ ﴿١٢٣﴾

123. Ang (pamayanan ng) A'ad ay nagpabulaan sa mga Sugo,

إِذْ قَالَ لَهُمْ أَخُوهُمْ هُودٌ أَلَا تَتَّقُونَ ﴿١٢٤﴾

124. Nang ang kanilang kapatid na si Hud ay mangusap sa kanila: "Hindi baga ninyo pangangambahan si Allah?

إِنِّي لَكُمْ رَسُولٌ أَمِينٌ ﴿١٢٥﴾

125. Katotohanang ako ay isang mapagkakatiwalaang Sugo sa inyo.

فَاتَّقُوا اللَّهَ وَأَطِيعُونِ ﴿١٢٦﴾

126. Kaya't pangambahan ninyo si Allah at ako ay inyong sundin.

وَمَا أَسْأَلُكُمْ عَلَيْهِ مِنْ أَجْرٍ إِنْ أَجْرِيَ إِلَّا عَلَىٰ

127. Walang anumang gantimpala ang aking hinihingi sa inyo para rito (sa aking

pagpapahayag ng Islam at Kaisahan ni Allah), ang aking biyaya ay nagmumula lamang sa Panginoon ng *Aalamin* (sangkatauhan, mga *Jinn* at lahat ng mga nilalang).

رَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿١٢٧﴾

128. Kayo ba ay nagtatayo ng mga matataas na palasyo sa bawat mataas na burol, bagama't kayo ay hindi nananahan doon?

أَتَبْنُونَ بِكُلِّ رِيعٍ ءَايَةً تَعْبَثُونَ ﴿١٢٨﴾

129. At nag-aangkin ba kayo sa inyong sarili ng mga palasyo (maiinam na mga gusali), na wari bang maninirahan kayo roon sa panghabang panahon.

وَتَتَّخِذُونَ مَصَانِعَ لَعَلَّكُمْ تَخْلُدُونَ ﴿١٢٩﴾

130. At kung kayo ay manghampas, kayo ay nanghahampas bilang mga pinunong malulupit?

وَإِذَا بَطَشْتُم بَطَشْتُمْ جَبَّارِينَ ﴿١٣٠﴾

131. Kaya't pangambahan ninyo si Allah at ako ay inyong sundin.

فَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَأَطِيعُونِ ﴿١٣١﴾

132. At pangambahan Siya (Allah) na nagkaloob sa inyo ng lahat (ng magagandang bagay) na inyong nalalaman.

وَٱتَّقُوا۟ ٱلَّذِىٓ أَمَدَّكُم بِمَا تَعْلَمُونَ ﴿١٣٢﴾

133. Kayo ay pinagkalooban Niya ng hayupan (bakahan) at mga anak.

أَمَدَّكُم بِأَنْعَٰمٍ وَبَنِينَ ﴿١٣٣﴾

134. At mga halamanan at batis.

وَجَنَّٰتٍ وَعُيُونٍ ﴿١٣٤﴾

135. Katotohanan, aking pinangangambahan para sa inyo ang kaparusahan ng Dakilang Araw."

إِنِّىٓ أَخَافُ عَلَيْكُمْ عَذَابَ يَوْمٍ عَظِيمٍ ﴿١٣٥﴾

136. Sila ay nagsabi: "Walang pagkakaiba sa amin kung ikaw ay mangaral o hindi ka kabilang sa mga nangangaral.

قَالُوا۟ سَوَآءٌ عَلَيْنَآ أَوَعَظْتَ أَمْ لَمْ تَكُن مِّنَ ٱلْوَٰعِظِينَ ﴿١٣٦﴾

137. Ito ay wala ng iba maliban sa mga kaugalian at paniniwala noong panahong sinauna,

إِنْ هَٰذَآ إِلَّا خُلُقُ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿١٣٧﴾

138. At kami ay hindi mapaparusahan."

وَمَا نَحْنُ بِمُعَذَّبِينَ ﴿١٣٨﴾

139. Kaya't siya ay pinabulaanan nila, at Aming winasak sila. Katotohanan! Naririto ang isang tiyak na Tanda, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi sumasampalataya.

فَكَذَّبُوهُ فَأَهْلَكْنَٰهُمْ ۗ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَةً ۖ وَمَا كَانَ أَكْثَرُهُم مُّؤْمِنِينَ ﴿١٣٩﴾

140. At katotohanan! Ang iyong Panginoon, Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Pinakamaawain.

وَإِنَّ رَبَّكَ لَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلرَّحِيمُ ﴿١٤٠﴾

141. Ang (pamayanan ng) Thamud ay nagpabulaan sa mga Sugo.

كَذَّبَتْ ثَمُودُ ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿١٤١﴾

142. Nang ang kanilang kapatid na si Salih ay nagbadya sa kanila: "Hindi baga ninyo pangangambahan si Allah?

إِذْ قَالَ لَهُمْ أَخُوهُمْ صَٰلِحٌ أَلَا تَتَّقُونَ ﴿١٤٢﴾

إِنِّي لَكُمْ رَسُولٌ أَمِينٌ ﴿١٤٣﴾

143. Ako ay isang mapagkakatiwalaang Sugo sa inyo.

فَاتَّقُوا اللَّهَ وَأَطِيعُونِ ﴿١٤٤﴾

144. Kaya't pangambahan ninyo si Allah at ako ay inyong sundin.

وَمَا أَسْأَلُكُمْ عَلَيْهِ مِنْ أَجْرٍ ۖ إِنْ أَجْرِيَ إِلَّا عَلَىٰ رَبِّ الْعَالَمِينَ ﴿١٤٥﴾

145. Walang anumang gantimpala ang aking hinihingi sa inyo para rito (sa aking pagpapahayag ng Islam at Kaisahan ni Allah), ang aking gantimpala ay nagmumula lamang sa Panginoon ng *Aalamin* (sangkatauhan, mga *Jinn*, at lahat ng mga nilalang).

أَتُتْرَكُونَ فِي مَا هَاهُنَا آمِنِينَ ﴿١٤٦﴾

146. Kayo baga ay maiiwan nang ligtas sa lugar na kinaroroonan ng inyong mga pag-aari?

فِي جَنَّاتٍ وَعُيُونٍ ﴿١٤٧﴾

147. Sa mga halamanan at batis,

وَزُرُوعٍ وَنَخْلٍ طَلْعُهَا هَضِيمٌ ﴿١٤٨﴾

148. At sa mga bukirin ng pananim at punong palmera (datiles) na may malambot na bunga.

وَتَنْحِتُونَ مِنَ الْجِبَالِ بُيُوتًا فَارِهِينَ ﴿١٤٩﴾

149. At kayo ay umuukit ng mga tahanan (sa gilid) ng kabundukan na may kakayahan (kaalaman).

فَاتَّقُوا اللَّهَ وَأَطِيعُونِ ﴿١٥٠﴾

150. Kaya't pangambahan ninyo si Allah at ako ay inyong sundin.

وَلَا تُطِيعُوا أَمْرَ الْمُسْرِفِينَ ﴿١٥١﴾

151. At huwag ninyong sundin ang pag-uutos ng mga mapang-api (alalaong baga, ang kanilang mga pinuno na buktot, pagano, kriminal),

الَّذِينَ يُفْسِدُونَ فِي الْأَرْضِ وَلَا يُصْلِحُونَ ﴿١٥٢﴾

152. Na gumagawa ng mga katampalasanan sa kalupaan at tumatangging magbagong buhay."

قَالُوا إِنَّمَا أَنْتَ مِنَ الْمُسَحَّرِينَ ﴿١٥٣﴾

153. Sila ay nagsabi: "Ikaw ay isa lamang sa mga inalihan ng demonyo!

مَا أَنْتَ إِلَّا بَشَرٌ مِثْلُنَا فَأْتِ بِآيَةٍ إِنْ كُنْتَ مِنَ الصَّادِقِينَ ﴿١٥٤﴾

154. Ikaw ay isa lamang tao na katulad namin. Kaya't dalhin mo sa amin ang isang Tanda kung ikaw ay isa sa mga nagsasabi ng katotohanan."

قَالَ هَٰذِهِ نَاقَةٌ لَهَا شِرْبٌ وَلَكُمْ شِرْبُ يَوْمٍ مَعْلُومٍ ﴿١٥٥﴾

155. Siya (Salih) ay nagsabi: "Ito ay isang babaeng kamelyo (alalaong baga, mahimalang ipinadala sa kanila bilang isang tanda ni Allah). Para sa kanya ay may (oras ng) pag-inom, at para sa inyo ay may (oras ng) pag-inom, ang bawat isa sa natatakdaang araw.

وَلَا تَمَسُّوهَا بِسُوءٍ فَيَأْخُذَكُمْ عَذَابُ يَوْمٍ عَظِيمٍ ﴿١٥٦﴾

156. At huwag ninyong pinsalain (saktan) siya, baka ang kaparusahan ng Dakilang Araw ay sumaklot sa inyo."

فَعَقَرُوهَا فَأَصْبَحُوا۟ نَـٰدِمِينَ ﴿١٥٧﴾

157. Datapuwa't kanilang kinatay siya (babaeng kamelyo), at pagkaraan sila ay nagsisi.

فَأَخَذَهُمُ ٱلْعَذَابُ ۗ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَـَٔايَةً ۖ وَمَا كَانَ أَكْثَرُهُم مُّؤْمِنِينَ ﴿١٥٨﴾

158. Kaya't ang kaparusahan ay sumaklot sa kanila. Katotohanang naririto ang isang tunay na Tanda, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi sumasampalataya.

وَإِنَّ رَبَّكَ لَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلرَّحِيمُ ﴿١٥٩﴾

159. At katotohanan! Ang iyong Panginoon, Siya ay Sukdol sa Kapangyarihan, ang Pinakamaawain.

كَذَّبَتْ قَوْمُ لُوطٍ ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿١٦٠﴾

160. Ang mga tao ni Lut (yaong mga nagsipanahan sa mga bayan ng Sodom at Palestina) ay nagpabulaan sa mga Sugo,

إِذْ قَالَ لَهُمْ أَخُوهُمْ لُوطٌ أَلَا تَتَّقُونَ ﴿١٦١﴾

161. Nang ang kanilang kapatid na si Lut ay nagsabi sa kanila: "Hindi baga ninyo pangangambahan si Allah?

إِنِّى لَكُمْ رَسُولٌ أَمِينٌ ﴿١٦٢﴾

162. Katotohanang ako ay isang mapagkakatiwalaang Sugo sa inyo.

فَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَأَطِيعُونِ ﴿١٦٣﴾

163. Kaya't pangambahan ninyo si Allah at ako ay inyong sundin.

وَمَآ أَسْـَٔلُكُمْ عَلَيْهِ مِنْ أَجْرٍ ۖ إِنْ أَجْرِىَ إِلَّا عَلَىٰ رَبِّ ٱلْعَـٰلَمِينَ ﴿١٦٤﴾

164. Wala akong hinihinging gantimpala mula sa inyo para rito (sa aking pagpapahayag ng Islam at Kaisahan ni Allah), ang aking gantimpala ay nagmumula lamang sa Panginoon ng *Aalamin* (sangkatauhan, mga *Jinn* at lahat ng mga nilalang).

أَتَأْتُونَ ٱلذُّكْرَانَ مِنَ ٱلْعَـٰلَمِينَ ﴿١٦٥﴾

165. Kayo ba ay nakikipagniig sa mga kalalakihan ng sangkatauhan,

وَتَذَرُونَ مَا خَلَقَ لَكُمْ رَبُّكُم مِّنْ أَزْوَٰجِكُم ۚ بَلْ أَنتُمْ قَوْمٌ عَادُونَ ﴿١٦٦﴾

166. At iniiwan ninyo ang mga nilikha ni Allah para inyong maging mga asawa? Hindi! Kayo ay mga tao na lumagpas sa hangganan ng pagsuway!"

قَالُوا۟ لَئِن لَّمْ تَنتَهِ يَـٰلُوطُ لَتَكُونَنَّ مِنَ ٱلْمُخْرَجِينَ ﴿١٦٧﴾

167. Sila ay nagsabi: "Kung ikaw ay hindi magtitigil, O Lut! Katotohanang ikaw ay isa sa mapapabilang sa mga itataboy!"

قَالَ إِنِّى لِعَمَلِكُم مِّنَ ٱلْقَالِينَ ﴿١٦٨﴾

168. Siya (Lut) ay nagsabi: "Ako ay katotohanang isa sa mga tumututol nang may matinding pagkagalit sa inyong (masamang) ginagawa (sodomya, pakikipagniig sa kapwa lalaki).

رَبِّ نَجِّنِى وَأَهْلِى مِمَّا يَعْمَلُونَ ﴿١٦٩﴾

169. O Aking Panginoon! Inyong iligtas ako at ang aking pamilya sa kanilang ginagawa."

فَنَجَّيْنَٰهُ وَأَهْلَهُۥٓ أَجْمَعِينَ ﴿١٧٠﴾

170. Kaya't Aming iniligtas siya at ang kanyang pamilya, silang lahat, -

إِلَّا عَجُوزًا فِى ٱلْغَٰبِرِينَ ﴿١٧١﴾

171. Maliban sa isang matandang babae (ang kanyang asawa) na isa sa mga nagpaiwan.

ثُمَّ دَمَّرْنَا ٱلْءَاخَرِينَ ﴿١٧٢﴾

172. At pagkaraan ay Aming winasak ang mga iba pa.

وَأَمْطَرْنَا عَلَيْهِم مَّطَرًا ۖ فَسَآءَ مَطَرُ ٱلْمُنذَرِينَ ﴿١٧٣﴾

173. At pinaulan Namin sa kanila ang ulan (ng pagpaparusa). At gaano kasama ang naging ulan ng mga pinaalalahanan.

إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَةً ۖ وَمَا كَانَ أَكْثَرُهُم مُّؤْمِنِينَ ﴿١٧٤﴾

174. Katotohanan! Naririto ang isang tiyak na Tanda, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay hindi sumasampalataya.

وَإِنَّ رَبَّكَ لَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلرَّحِيمُ ﴿١٧٥﴾

175. At katotohanan! Ang iyong Panginoon, Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Pinakamaawain.

كَذَّبَ أَصْحَٰبُ لْـَٔيْكَةِ ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿١٧٦﴾

176. Ang mga naninirahan sa Kakahuyan (malapit sa Midian) ay nagpabulaan sa mga Sugo,

إِذْ قَالَ لَهُمْ شُعَيْبٌ أَلَا تَتَّقُونَ ﴿١٧٧﴾

177. Nang si Shu'aib ay mangusap sa kanila: "Hindi baga ninyo pangangambahan si Allah?

إِنِّى لَكُمْ رَسُولٌ أَمِينٌ ﴿١٧٨﴾

178. Ako ay isang mapagkakatiwalaang Sugo sa inyo.

فَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَأَطِيعُونِ ﴿١٧٩﴾

179. Kaya't pangambahan ninyo si Allah at ako ay inyong sundin.

وَمَآ أَسْـَٔلُكُمْ عَلَيْهِ مِنْ أَجْرٍ ۖ إِنْ أَجْرِىَ إِلَّا عَلَىٰ رَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿١٨٠﴾

180. Walang anumang gantimpala ang aking hinihingi sa inyo para rito (sa aking pagpapahayag ng Islam at Kaisahan ni Allah), ang aking gantimpala ay nagmumula lamang sa Panginoon ng *Aalamin* (sangkatauhan, mga *Jinn*, at lahat ng mga nilalang).

۞ أَوْفُوا۟ ٱلْكَيْلَ وَلَا تَكُونُوا۟ مِنَ ٱلْمُخْسِرِينَ ﴿١٨١﴾

181. Magbigay ng tamang sukat at huwag maghangad ng kasahulan (sa mga iba).

وَزِنُوا۟ بِٱلْقِسْطَاسِ ٱلْمُسْتَقِيمِ ﴿١٨٢﴾

182. At magtimbang ng tunay at tumpak na timbang.

وَلَا تَبْخَسُوا۟ ٱلنَّاسَ أَشْيَآءَهُمْ وَلَا تَعْثَوْا۟ فِى ٱلْأَرْضِ مُفْسِدِينَ ﴿١٨٣﴾

183. At huwag manlinlang ng mga tao sa pamamagitan nang pagbabawas sa kanilang mga ari-arian, at huwag ding gumawa ng katiwalian at panloloko sa kalupaan.

وَٱتَّقُوا۟ ٱلَّذِى خَلَقَكُمْ وَٱلْجِبِلَّةَ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿١٨٤﴾

184. At pangambahan Siya na lumikha sa inyo at sa mga sali't saling lahi noong panahong sinauna."

قَالُوٓاْ إِنَّمَآ أَنتَ مِنَ ٱلْمُسَحَّرِينَ ﴿١٨٥﴾

185. Sila ay nagsabi: "Ikaw ay isa lamang sa mga inalihan ng demonyo!

وَمَآ أَنتَ إِلَّا بَشَرٌ مِّثْلُنَا وَإِن نَّظُنُّكَ لَمِنَ ٱلْكَٰذِبِينَ ﴿١٨٦﴾

186. Ikaw ay isa lamang tao na katulad namin, at katiyakan, kami ay nag-aakala na ikaw ay isa sa mga sinungaling!

فَأَسْقِطْ عَلَيْنَا كِسَفًا مِّنَ ٱلسَّمَآءِ إِن كُنتَ مِنَ ٱلصَّٰدِقِينَ ﴿١٨٧﴾

187. Kaya't hayaan ang isang bahagi (piraso) ng kalangitan ay bumagsak sa amin kung ikaw ay kabilang sa nagsasabi ng katotohanan!"

قَالَ رَبِّيٓ أَعْلَمُ بِمَا تَعْمَلُونَ ﴿١٨٨﴾

188. Siya (Shuaib) ay nagsabi: "Ang aking Panginoon ang Ganap na Nakakaalam ng anumang inyong ginagawa."

فَكَذَّبُوهُ فَأَخَذَهُمْ عَذَابُ يَوْمِ ٱلظُّلَّةِ ۚ إِنَّهُۥ كَانَ عَذَابَ يَوْمٍ عَظِيمٍ ﴿١٨٩﴾

189. Datapuwa't kanilang pinabulaanan siya, kaya't ang kaparusahan ng araw ng anino (isang madilim na ulap) ay sumaklot sa kanila, katiyakang ito ang kaparusahan ng Dakilang Araw.

إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَةً ۖ وَمَا كَانَ أَكْثَرُهُم مُّؤْمِنِينَ ﴿١٩٠﴾

190. Katotohanan! Naririto ang isang tiyak na Tanda, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay hindi sumasampalataya.

وَإِنَّ رَبَّكَ لَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلرَّحِيمُ ﴿١٩١﴾

191. At katotohanan! Ang iyong Panginoon, Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Pinakamaawain.

وَإِنَّهُۥ لَتَنزِيلُ رَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿١٩٢﴾

192. At katotohanan, ito (ang Qur'an) ay isang kapahayagan mula sa Panginoon ng *Aalamin* (sangkatauhan, mga *Jinn*, at lahat ng mga nilalang),

نَزَلَ بِهِ ٱلرُّوحُ ٱلْأَمِينُ ﴿١٩٣﴾

193. Na ipinanaog ng mapagkakatiwalaang Espiritu (si Gabriel Arkanghel);

عَلَىٰ قَلْبِكَ لِتَكُونَ مِنَ ٱلْمُنذِرِينَ ﴿١٩٤﴾

194. Sa iyong puso (O Muhammad) upang ikaw ay maging (isa) sa mga tagapagbabala,

بِلِسَانٍ عَرَبِىٍّ مُّبِينٍ ﴿١٩٥﴾

195. Sa (pamamagitan nang) malinaw na wikang Arabik.

وَإِنَّهُۥ لَفِى زُبُرِ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿١٩٦﴾

196. At katotohanan, ito (ang Qur'an) ay (nabanggit) sa mga Kasulatan (alalaong baga, ang *Torah* [mga Batas] at Ebanghelyo) ng mga nanga-unang tao.

أَوَلَمْ يَكُن لَّهُمْ ءَايَةً أَن يَعْلَمَهُۥ عُلَمَٰٓؤُا۟ بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ ﴿١٩٧﴾

197. Hindi pa ba isang tanda sa kanila na ang mga pantas (na katulad ni Abdullah bin Salam na yumakap sa Islam) mula sa Angkan ng Israel ay nakakaalam (na ito ay katotohanan)?

وَلَوْ نَزَّلْنَٰهُ عَلَىٰ بَعْضِ ٱلْأَعْجَمِينَ ﴿١٩٨﴾

198. At kahit na Aming inihayag ito (ang Qur'an) sa isa sa lipon ng mga banyaga

(alalaong baga, ang hindi mga Arabo),

199. At kanyang dinalit ito sa kanila, sila ay hindi magsisipaniwala rito.

فَقَرَأَهُۥ عَلَيْهِم مَّا كَانُوا۟ بِهِۦ مُؤْمِنِينَ ﴿١٩٩﴾

200. Kaya't sa ganito Namin isiningit (alalaong baga, ang kawalan ng pananampalataya) sa loob ng puso ng *Mujrimun* (mga kriminal, pagano, makasalanan).

كَذَٰلِكَ سَلَكْنَٰهُ فِى قُلُوبِ ٱلْمُجْرِمِينَ ﴿٢٠٠﴾

201. Hindi sila mananampalataya rito hanggang sa kanilang makita ang masakit na Kaparusahan;

لَا يُؤْمِنُونَ بِهِۦ حَتَّىٰ يَرَوُا۟ ٱلْعَذَابَ ٱلْأَلِيمَ ﴿٢٠١﴾

202. Ito ay daratal sa kanila sa isang iglap, at ito ay hindi nila napag-aakala;

فَيَأْتِيَهُم بَغْتَةً وَهُمْ لَا يَشْعُرُونَ ﴿٢٠٢﴾

203. At sila ay magsasabi: "Kami ba ay maaaring bigyan ng kaunting panahon (palugit)?"

فَيَقُولُوا۟ هَلْ نَحْنُ مُنظَرُونَ ﴿٢٠٣﴾

204. Sila ba kung gayon ay magnanais na ang Aming Kaparusahan ay madaliin sa kanila?

أَفَبِعَذَابِنَا يَسْتَعْجِلُونَ ﴿٢٠٤﴾

205. Kung gayon, ano sa palagay mo kung sila ay hayaan Naming magpakasaya sa maraming taon,

أَفَرَءَيْتَ إِن مَّتَّعْنَٰهُمْ سِنِينَ ﴿٢٠٥﴾

206. At pagkatapos ay dumatal sa kanila (ang kaparusahan) na sa kanila ay ipinangako!

ثُمَّ جَآءَهُم مَّا كَانُوا۟ يُوعَدُونَ ﴿٢٠٦﴾

207. Ang lahat ng bagay na kanilang pinagpapasasaan ay hindi makatutulong sa kanila.

مَآ أَغْنَىٰ عَنْهُم مَّا كَانُوا۟ يُمَتَّعُونَ ﴿٢٠٧﴾

208. At kailanman ay hindi Namin winasak ang anumang pamayanan, maliban na sila ay nabigyan na ng mga tagapagbabala, -

وَمَآ أَهْلَكْنَا مِن قَرْيَةٍ إِلَّا لَهَا مُنذِرُونَ ﴿٢٠٨﴾

209. Bilang isang Pagpapaala-ala, at Kami kailanman ay hindi naging di-makatarungan.

ذِكْرَىٰ وَمَا كُنَّا ظَٰلِمِينَ ﴿٢٠٩﴾

210. At hindi ang mga demonyo ang nagpapanaog nito (ang Qur'an),

وَمَا تَنَزَّلَتْ بِهِ ٱلشَّيَٰطِينُ ﴿٢١٠﴾

211. Ito ay hindi pinapayagan sa kanila, gayundin, ito ay hindi nila magagawa.

وَمَا يَنۢبَغِى لَهُمْ وَمَا يَسْتَطِيعُونَ ﴿٢١١﴾

212. Katotohanan, sila ay itiniwalag (pinaalis) na mapakinggan ito.

إِنَّهُمْ عَنِ ٱلسَّمْعِ لَمَعْزُولُونَ ﴿٢١٢﴾

213. Kaya't huwag kang manalangin kay Allah na may kasama pang ibang diyos, kung magkagayon, ikaw ay mapapabilang sa mga tatanggap ng kaparusahan.

فَلَا تَدْعُ مَعَ ٱللَّهِ إِلَٰهًا ءَاخَرَ فَتَكُونَ مِنَ ٱلْمُعَذَّبِينَ ﴿٢١٣﴾

214. At paalalahanan mo (O Muhammad) ang iyong malalapit na kamag-anak.

وَأَنذِرْ عَشِيرَتَكَ ٱلْأَقْرَبِينَ ﴿٢١٤﴾

وَٱخْفِضْ جَنَاحَكَ لِمَنِ ٱتَّبَعَكَ مِنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٢١٥﴾

215. At maging mabait at mapagpakumbaba sa mga sumusunod sa iyo na mga mananampalataya.

فَإِنْ عَصَوْكَ فَقُلْ إِنِّي بَرِيٓءٌ مِّمَّا تَعْمَلُونَ ﴿٢١٦﴾

216. At kung sila ay sumuway sa iyo, iyong ipagbadya: "Katotohanang ako ay hindi kasali sa anumang inyong ginagawa."

وَتَوَكَّلْ عَلَى ٱلْعَزِيزِ ٱلرَّحِيمِ ﴿٢١٧﴾

217. At ilagak mo ang iyong pagtitiwala sa Pinakamakapangyarihan, ang Pinakamaawain, -

ٱلَّذِي يَرَىٰكَ حِينَ تَقُومُ ﴿٢١٨﴾

218. Na nakamamasid sa iyo (O Muhammad) habang ikaw ay nakatindig (na mag-isa sa pagdarasal ng *Tahajjud* sa gabi).

وَتَقَلُّبَكَ فِي ٱلسَّٰجِدِينَ ﴿٢١٩﴾

219. At sa iyong pagkilos sa lipon ng mga nagpapatirapa (kay Allah, na kasama mo sa pagdarasal ng mga takdang panalangin).

إِنَّهُۥ هُوَ ٱلسَّمِيعُ ٱلْعَلِيمُ ﴿٢٢٠﴾

220. Katotohanan! Siya ang Lubos na Nakakarinig, ang Puspos ng Kaalaman.

هَلْ أُنَبِّئُكُمْ عَلَىٰ مَن تَنَزَّلُ ٱلشَّيَٰطِينُ ﴿٢٢١﴾

221. Ipapaalam Ko ba sa inyo (O mga tao) kung kanino bumababa ang mga demonyo?

تَنَزَّلُ عَلَىٰ كُلِّ أَفَّاكٍ أَثِيمٍ ﴿٢٢٢﴾

222. Sila ay bumababa sa bawat sinungaling (na nagsasabi ng mga kabulaanan) at makasalanang tao.

يُلْقُونَ ٱلسَّمْعَ وَأَكْثَرُهُمْ كَٰذِبُونَ ﴿٢٢٣﴾

223. Kanilang ipinagkakalat kung anuman ang (kanilang) narinig, at ang karamihan sa kanila ay mga sinungaling.

وَٱلشُّعَرَآءُ يَتَّبِعُهُمُ ٱلْغَاوُۥنَ ﴿٢٢٤﴾

224. At sa mga makata, ang mga nasa kamalian ay sumusunod sa kanila,

أَلَمْ تَرَ أَنَّهُمْ فِي كُلِّ وَادٍ يَهِيمُونَ ﴿٢٢٥﴾

225. Hindi baga ninyo namamasdan na sila ay nagsasalita sa lahat ng mga bagay (na nagpupuri sa iba, maging tama man o mali) sa kanilang mga tula? -

وَأَنَّهُمْ يَقُولُونَ مَا لَا يَفْعَلُونَ ﴿٢٢٦﴾

226. At sila ay nagsasabi ng bagay na hindi nila ginagawa.

إِلَّا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ وَذَكَرُوا۟ ٱللَّهَ كَثِيرًا وَٱنتَصَرُوا۟ مِنۢ بَعْدِ مَا ظُلِمُوا۟ ۗ وَسَيَعْلَمُ ٱلَّذِينَ ظَلَمُوٓا۟ أَىَّ مُنقَلَبٍ يَنقَلِبُونَ ﴿٢٢٧﴾

227. Maliban sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at gumagawa ng mga kabutihan at laging may pag-aala-ala kay Allah, at nagtatanggol (sa mga Muslim) matapos na sila ay gawan ng kamalian. At sila na nasadlak sa kamalian ay makakaalam kung sa anong (uri) ng pagbabalik sila ay ibabalik.

Surah 27

Surat An-Naml
(Ang Mga Langgam)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

طسٓ تِلْكَ ءَايَٰتُ ٱلْقُرْءَانِ وَكِتَابٍ مُّبِينٍ ﴿١﴾

1. Ta, Sin. (Mga titik Ta, Sa. Ito ay isa sa mga milagro ng Qur'an at tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

Ito ang mga Talata ng Qur'an, at ito ay isang Aklat (na naglalayon na ang mga bagay) ay maging malinaw.

هُدًى وَبُشْرَىٰ لِلْمُؤْمِنِينَ ﴿٢﴾

2. Isang Patnubay (sa Tamang Landas) at masayang balita sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam).

ٱلَّذِينَ يُقِيمُونَ ٱلصَّلَوٰةَ وَيُؤْتُونَ ٱلزَّكَوٰةَ وَهُم بِٱلْءَاخِرَةِ هُمْ يُوقِنُونَ ﴿٣﴾

3. Sila na nag-aalay ng *Salah* (takdang pagdarasal nang mahinusay), at nagkakaloob ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa) at sila ay sumasampalataya ng may katiyakan sa Kabilang Buhay (Muling Pagkabuhay, Kabayaran sa kanilang mababuti at masasamang gawa, Paraiso at Impiyerno).

إِنَّ ٱلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ بِٱلْءَاخِرَةِ زَيَّنَّا لَهُمْ أَعْمَٰلَهُمْ فَهُمْ يَعْمَهُونَ ﴿٤﴾

4. Katotohanan, sila na hindi sumasampalataya sa Kabilang Buhay, Aming pinapangyari na ang kanilang mga gawa ay maging kasiya-siya sa kanila upang sila ay magsilibot na mga bulag.

أُولَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ لَهُمْ سُوٓءُ ٱلْعَذَابِ وَهُمْ فِى ٱلْءَاخِرَةِ هُمُ ٱلْأَخْسَرُونَ ﴿٥﴾

5. Sila ang magkakamit ng masamang kaparusahan (sa mundong ito), at sa Kabilang Buhay, sila ang matindi ang pagkalugi.

وَإِنَّكَ لَتُلَقَّى ٱلْقُرْءَانَ مِن لَّدُنْ حَكِيمٍ عَلِيمٍ ﴿٦﴾

6. At katotohanan, ikaw (O Muhammad) ay tumatanggap ng Qur'an mula sa (Tanging Isa) na Tigib ng Karunungan, ang Ganap na Maalam.

إِذْ قَالَ مُوسَىٰ لِأَهْلِهِۦٓ إِنِّىٓ ءَانَسْتُ نَارًا سَـَٔاتِيكُم مِّنْهَا بِخَبَرٍ أَوْ ءَاتِيكُم بِشِهَابٍ قَبَسٍ لَّعَلَّكُمْ تَصْطَلُونَ ﴿٧﴾

7. (At alalahanin) nang sabihin ni Moises sa kanyang kasambahay: "Katotohanang ako ay nakapanagimpan ng apoy sa malayong lugar, ako ay mag-uuwi para sa inyo ng ilang kaalaman mula roon, o ako ay magdadala sa inyo ng isang nag-aapoy na bagay upang inyong mabigyang-init ang inyong sarili."

فَلَمَّا جَآءَهَا نُودِيَ أَنۢ بُورِكَ مَن فِي ٱلنَّارِ وَمَنْ حَوْلَهَا وَسُبْحَٰنَ ٱللَّهِ رَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٨﴾

8. Datapuwa't nang siya ay pumaroon doon, siya ay tinawag: "Kinakasihan ang sinumang nasa Apoy, at kung sinuman ang nakapalibot doon! At Puspos ng Kaluwalhatian si Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang."

يَٰمُوسَىٰٓ إِنَّهُۥٓ أَنَا ٱللَّهُ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٩﴾

9. O Moises! Katotohanan! Ako si Allah, ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

وَأَلْقِ عَصَاكَ فَلَمَّا رَءَاهَا تَهْتَزُّ كَأَنَّهَا جَآنٌّ وَلَّىٰ مُدْبِرًا وَلَمْ يُعَقِّبْ يَٰمُوسَىٰ لَا تَخَفْ إِنِّي لَا يَخَافُ لَدَيَّ ٱلْمُرْسَلُونَ ﴿١٠﴾

10. At iyong ihagis ang iyong tungkod! Datapuwa't nang makita niya ito na gumagalaw na waring isang ahas, siya ay tumalikod na natatakot at siya ay hindi lumingon. (At dito ay ipinagbadya): "O Moises! Huwag kang matakot, katotohanang ang mga Sugo ay hindi natatakot sa Akin,

إِلَّا مَن ظَلَمَ ثُمَّ بَدَّلَ حُسْنًۢا بَعْدَ سُوٓءٍ فَإِنِّي غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١١﴾

11. Maliban sa kanya na nakagawa ng kamalian, at matapos yaon ay gumawa na mapalitan ang kasamaan ng kabutihan, at katiyakang Ako ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَأَدْخِلْ يَدَكَ فِي جَيْبِكَ تَخْرُجْ بَيْضَآءَ مِنْ غَيْرِ سُوٓءٍ ۖ فِي تِسْعِ ءَايَٰتٍ إِلَىٰ فِرْعَوْنَ وَقَوْمِهِۦٓ ۚ إِنَّهُمْ كَانُوا۟ قَوْمًا فَٰسِقِينَ ﴿١٢﴾

12. Ipasok mo ang iyong kamay sa butas (daanan) ng iyong kasuutan (pababa sa iyong dibdib), ito ay lalabas na puti (walang anumang dumi o karahasan). (Ito ay ilan) lamang sa siyam na mga Tanda (na iyong dadalhin) kay Paraon at sa kanyang pamayanan, katotohanang sila ang mga tao na *Fasiqun* (mga mapaghimagsik at palasuway kay Allah)."

فَلَمَّا جَآءَتْهُمْ ءَايَٰتُنَا مُبْصِرَةً قَالُوا۟ هَٰذَا سِحْرٌ مُّبِينٌ ﴿١٣﴾

13. Datapuwa't nang ang Aming *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, talata, tanda) ay dumatal sa kanila na maliwanag na makikita, sila ay nagsabi: "Ito ay naglulumantad na salamangka."

وَجَحَدُوا۟ بِهَا وَٱسْتَيْقَنَتْهَآ أَنفُسُهُمْ ظُلْمًا وَعُلُوًّا ۚ فَٱنظُرْ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلْمُفْسِدِينَ ﴿١٤﴾

14. At sila ay nagpabulaan dito (sa *Ayat*) ng may kamalian at kapalaluan, bagama't ang kanilang sarili ay sumasang-ayon dito (alalaong baga, ang gayong *Ayat* ay mula kay Allah at si Moises ay isang Sugo ni Allah, datapuwa't hindi nila ibig na sumunod kay Moises, at namumuhi sila na manalig sa kanyang Mensahe ng Kaisahan ni Allah). Kaya't inyong pagmasdan kung ano ang kinahinatnan ng mga mapaggawa ng kasamaan (hindi nananampalataya kay Allah, sinungaling).

وَلَقَدْ ءَاتَيْنَا دَاوُۥدَ وَسُلَيْمَٰنَ عِلْمًا ۖ وَقَالَا ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ ٱلَّذِي فَضَّلَنَا عَلَىٰ كَثِيرٍ مِّنْ عِبَادِهِ

15. At katotohanang Kami ay nagkaloob ng karunungan kina David at Solomon, at sila ay kapwa nagsabi: "Ang lahat ng Pagpupuri at

Pasasalamat ay kay Allah na nagturing sa amin nang higit (sa karamihan) ng Kanyang maraming alipin na sumasampalataya!"

ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿١٥﴾

16. At si Solomon ang nagmana (ng karunungan ni) David. Siya ay nagsabi: "O sangkatauhan! Kami ay tinuruan ng wika ng mga ibon, at sa aming lahat ay ipinagkaloob ang lahat ng bagay. Ito ay katotohanang isang Lantad na Biyaya (mula kay Allah)".

وَوَرِثَ سُلَيْمَٰنُ دَاوُۥدَ ۖ وَقَالَ يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ عُلِّمْنَا مَنطِقَ ٱلطَّيْرِ وَأُوتِينَا مِن كُلِّ شَىْءٍ ۖ إِنَّ هَٰذَا لَهُوَ ٱلْفَضْلُ ٱلْمُبِينُ ﴿١٦﴾

17. At nagsipagtipon sa harapan ni Solomon ang mga lipon ng mga *Jinn* at tao, at mga ibon, at silang lahat ay itinalaga sa pag-uutos sa labanan (na nagmamartsa nang pasulong).

وَحُشِرَ لِسُلَيْمَٰنَ جُنُودُهُۥ مِنَ ٱلْجِنِّ وَٱلْإِنسِ وَٱلطَّيْرِ فَهُمْ يُوزَعُونَ ﴿١٧﴾

18. Hanggang nang sila ay sumapit sa lambak ng mga langgam, ang isa sa mga langgam ay nagsabi: "O mga langgam! Magsipasok kayo sa inyong tirahan, kung hindi, baka si Solomon at ang kanyang mga hukbo ay gumasak sa inyo, samantalang ito ay hindi nila napag-aakala (napapansin)."

حَتَّىٰٓ إِذَآ أَتَوْا۟ عَلَىٰ وَادِ ٱلنَّمْلِ قَالَتْ نَمْلَةٌ يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّمْلُ ٱدْخُلُوا۟ مَسَٰكِنَكُمْ لَا يَحْطِمَنَّكُمْ سُلَيْمَٰنُ وَجُنُودُهُۥ وَهُمْ لَا يَشْعُرُونَ ﴿١٨﴾

19. Kaya't siya (Solomon) ay ngumiti, na namangha sa kanyang (langgam) pahayag at nagsabi: "O Aking Panginoon! Bigyan (Ninyo) ako ng inspirasyon at ipagkaloob Ninyo sa akin ang kapangyarihan at kakayahan upang ako ay tumanaw ng utang na loob ng pasasalamat sa Inyong mga kaloob na inyong iginawad sa akin at sa aking mga magulang, at upang ako ay makagawa ng mabubuting gawa na makalulugod sa Inyo, at ako ay tanggapin Ninyo sa Inyong Habag na kasama ng Inyong matutuwid na mga alipin."

فَتَبَسَّمَ ضَاحِكًا مِّن قَوْلِهَا وَقَالَ رَبِّ أَوْزِعْنِىٓ أَنْ أَشْكُرَ نِعْمَتَكَ ٱلَّتِىٓ أَنْعَمْتَ عَلَىَّ وَعَلَىٰ وَٰلِدَىَّ وَأَنْ أَعْمَلَ صَٰلِحًا تَرْضَىٰهُ وَأَدْخِلْنِى بِرَحْمَتِكَ فِى عِبَادِكَ ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿١٩﴾

20. Kanyang sinuri ang mga ibon at nagsabi: "Ano ang nangyayari sa inyo at hindi ko nakita ang Hoopoe? O siya ba ay isa sa mga lumiban?[46]

وَتَفَقَّدَ ٱلطَّيْرَ فَقَالَ مَا لِىَ لَآ أَرَى ٱلْهُدْهُدَ أَمْ كَانَ مِنَ ٱلْغَآئِبِينَ ﴿٢٠﴾

21. Katotohanang siya ay aking parurusahan ng matinding kaparusahan, o siya ay (aking) kakatayin, malibang siya ay magdala sa akin ng maliwanag na dahilan (katwiran)."

لَأُعَذِّبَنَّهُۥ عَذَابًا شَدِيدًا أَوْ لَأَا۟ذْبَحَنَّهُۥٓ أَوْ لَيَأْتِيَنِّى بِسُلْطَٰنٍ مُّبِينٍ ﴿٢١﴾

22. Datapuwa't ang Hoopoe ay hindi nanatili nang matagal, siya (ay lumitaw) at nagsabi: "Aking naunawaan (ang karunungan ng isang bagay) na hindi mo naunawaan at ako ay pumarito sa iyo mula sa Saba (Sheba) na may tunay na balita.

فَمَكَثَ غَيْرَ بَعِيدٍ فَقَالَ أَحَطتُ بِمَا لَمْ تُحِطْ بِهِۦ وَجِئْتُكَ مِن سَبَإٍۭ بِنَبَإٍ يَقِينٍ ﴿٢٢﴾

[46] Ang Hoopoe ay isa sa mga ibon na magaan at mabanayad na may lantad na iba't ibang kulay ng pakpak [balahibo], at may dilaw na hibla sa kanyang ulo, isang dahilan upang siya ay tawaging ibon na may dugong bughaw. (Salin ni Abdullah Yusuf Ali)

23. Natagpuan ko ang isang babae na namamahala sa kanila, at siya ay pinagkalooban ng lahat ng bagay na maaaring angkinin ng sinumang namamahala ng kalupaan, at siya ay mayroong dakilang trono (luklukan).

إِنِّي وَجَدتُّ ٱمْرَأَةً تَمْلِكُهُمْ وَأُوتِيَتْ مِن كُلِّ شَىْءٍ وَلَهَا عَرْشٌ عَظِيمٌ ﴿٢٣﴾

24. Aking natagpuan siya at ang kanyang pamayanan na sumasamba sa araw maliban pa kay Allah, at ginawa ni Satanas ang kanilang gawa na kasiya-siya sa kanila, at humadlang sa kanila tungo sa Landas (ni Allah), kaya't sila ay walang patnubay.

وَجَدتُّهَا وَقَوْمَهَا يَسْجُدُونَ لِلشَّمْسِ مِن دُونِ ٱللَّهِ وَزَيَّنَ لَهُمُ ٱلشَّيْطَٰنُ أَعْمَٰلَهُمْ فَصَدَّهُمْ عَنِ ٱلسَّبِيلِ فَهُمْ لَا يَهْتَدُونَ ﴿٢٤﴾

25. (At) kaya't sila ay hindi nagpapatira kay Allah na naghahantad kung anuman ang natatago sa loob ng mga kalangitan at kalupaan at batid (Niya) kung ano ang inyong ikinukubli at kung ano ang inyong ipinapakita (ipinamamarali) -

أَلَّا يَسْجُدُوا۟ لِلَّهِ ٱلَّذِى يُخْرِجُ ٱلْخَبْءَ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَيَعْلَمُ مَا تُخْفُونَ وَمَا تُعْلِنُونَ ﴿٢٥﴾

26. Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya, ang Panginoon ng Dakilang *'Arsh* (Trono o Luklukan)!

ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ رَبُّ ٱلْعَرْشِ ٱلْعَظِيمِ ﴿٢٦﴾

27. (Si Solomon) ay nagsabi: "Aming titingnan kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan o ikaw (ay isa) sa mga sinungaling.

قَالَ سَنَنظُرُ أَصَدَقْتَ أَمْ كُنتَ مِنَ ٱلْكَٰذِبِينَ ﴿٢٧﴾

28. Humayo ka na dala ang aking sulat at ihatid mo ito sa kanila, at pagkatapos ay lumayo ka sa kanila, at tingnan kung ano (ang sagot) na kanilang ibabalik."

ٱذْهَب بِّكِتَٰبِى هَٰذَا فَأَلْقِهْ إِلَيْهِمْ ثُمَّ تَوَلَّ عَنْهُمْ فَٱنظُرْ مَاذَا يَرْجِعُونَ ﴿٢٨﴾

29. Siya (Reyna ng Saba) ay nagsabi: "O mga pinuno! Narito at inihatid sa akin ang isang marangal na sulat,

قَالَتْ يَٰٓأَيُّهَا ٱلْمَلَؤُا۟ إِنِّىٓ أُلْقِىَ إِلَىَّ كِتَٰبٌ كَرِيمٌ ﴿٢٩﴾

30. Katotohanang ito ay mula kay Solomon at katotohanang ito ay nagsasabi!: "Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain."

إِنَّهُۥ مِن سُلَيْمَٰنَ وَإِنَّهُۥ بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ ﴿٣٠﴾

31. Huwag kayong maging mataas laban sa akin, datapuwa't pumarito kayo sa akin bilang mga Muslim (mga tunay na sumasampalataya at tumatalima kay Allah nang may ganap na pagsuko)."

أَلَّا تَعْلُوا۟ عَلَىَّ وَأْتُونِى مُسْلِمِينَ ﴿٣١﴾

32. Siya (Reyna ng Saba) ay nagsabi: "O mga pinuno! Inyong pagpayuhan ako rito sa aking kalagayan. Hindi ako magpapasya sa ganitong pangyayari hanggang sa kayo ay maging saksi rito."

قَالَتْ يَٰٓأَيُّهَا ٱلْمَلَؤُا۟ أَفْتُونِى فِىٓ أَمْرِى مَا كُنتُ قَاطِعَةً أَمْرًا حَتَّىٰ تَشْهَدُونِ ﴿٣٢﴾

33. Sila ay nagsabi: "Kami ay mayroong matinding lakas at malaking kakayahan para sa digmaan, datapuwa't nasa sa iyo ang pag-uutos;

قَالُوا۟ نَحْنُ أُو۟لُوا۟ قُوَّةٍ وَأُو۟لُوا۟ بَأْسٍ شَدِيدٍ وَٱلْأَمْرُ إِلَيْكِ فَٱنظُرِى مَاذَا تَأْمُرِينَ ﴿٣٣﴾

kaya't iyong pagnilaying mabuti kung ano ang iyong ipag-uutos."

قَالَتْ إِنَّ الْمُلُوكَ إِذَا دَخَلُوا قَرْيَةً أَفْسَدُوهَا وَجَعَلُوا أَعِزَّةَ أَهْلِهَا أَذِلَّةً ۖ وَكَذَٰلِكَ يَفْعَلُونَ ﴿٣٤﴾

34. Siya (Reyna ng Saba) ay nagsabi: "Katotohanang ang mga Hari, kung sila ay pumasok sa isang bayan (bansa), ito ay kanilang niyuyurakan, at ginagawa nila na ang mararangal sa lipon ng kanyang mga tao ay maging aba. At ganito ang kanilang isinasagawa.

وَإِنِّي مُرْسِلَةٌ إِلَيْهِم بِهَدِيَّةٍ فَنَاظِرَةٌ بِمَ يَرْجِعُ الْمُرْسَلُونَ ﴿٣٥﴾

35. At katotohanang ako ay magpapadala sa kanya ng isang regalo, at tingnan kung ano (ang sagot) na ibabalik ng mga sugo."

فَلَمَّا جَاءَ سُلَيْمَانَ قَالَ أَتُمِدُّونَنِ بِمَالٍ فَمَا آتَانِيَ اللَّهُ خَيْرٌ مِّمَّا آتَاكُم ۖ بَلْ أَنتُم بِهَدِيَّتِكُمْ تَفْرَحُونَ ﴿٣٦﴾

36. Kaya't nang (ang mga sugo na nagdala ng regalo) ay dumating kay Solomon, siya ay nagsabi: "Ako ba ay dadagdagan ninyo sa kayamanan? Kung anuman ang iginawad sa akin ni Allah ay higit na mabuti kaysa sa ibinigay sa inyo! Datapuwa't kayo ay nagsasaya sa inyong regalo!"

ارْجِعْ إِلَيْهِمْ فَلَنَأْتِيَنَّهُمْ بِجُنُودٍ لَّا قِبَلَ لَهُمْ بِهَا وَلَنُخْرِجَنَّهُم مِّنْهَا أَذِلَّةً وَهُمْ صَاغِرُونَ ﴿٣٧﴾

37. (At si Solomon ay nagsabi): "Magsibalik kayo sa kanila. Katotohanang kami ay paparoon sa kanila na may mga pangkat na hindi nila masusupil, at sila ay aming itataboy mula roon na kahiya-hiya at sila ay magiging hamak."

قَالَ يَا أَيُّهَا الْمَلَؤُا أَيُّكُمْ يَأْتِينِي بِعَرْشِهَا قَبْلَ أَن يَأْتُونِي مُسْلِمِينَ ﴿٣٨﴾

38. Siya (Solomon) ay nagsabi: "O mga pinuno! Sino sa inyo ang makapagdadala sa akin ng kanyang luklukan bago sila ay pumarito sa akin na nagsusuko ng kanilang sarili sa pagtalima?"

قَالَ عِفْرِيتٌ مِّنَ الْجِنِّ أَنَا آتِيكَ بِهِ قَبْلَ أَن تَقُومَ مِن مَّقَامِكَ ۖ وَإِنِّي عَلَيْهِ لَقَوِيٌّ أَمِينٌ ﴿٣٩﴾

39. Isang *Ifrit* (ang malakas) mula sa mga *Jinn* ang nagsabi: "Ako ang maghahatid nito sa iyo bago ka tumindig sa iyong lugar. At katotohanang ako ay tunay na malakas at mapagkakatiwalaan sa gayong gawain."

قَالَ الَّذِي عِندَهُ عِلْمٌ مِّنَ الْكِتَابِ أَنَا آتِيكَ بِهِ قَبْلَ أَن يَرْتَدَّ إِلَيْكَ طَرْفُكَ ۚ فَلَمَّا رَآهُ مُسْتَقِرًّا عِندَهُ قَالَ هَٰذَا مِن فَضْلِ رَبِّي لِيَبْلُوَنِي أَأَشْكُرُ أَمْ أَكْفُرُ ۖ وَمَن شَكَرَ فَإِنَّمَا يَشْكُرُ لِنَفْسِهِ ۖ وَمَن كَفَرَ فَإِنَّ رَبِّي غَنِيٌّ كَرِيمٌ ﴿٤٠﴾

40. At ang isa (sa kanila) na may karunungan sa Kasulatan ay nagsabi: "Ito ay aking dadalhin sa inyo sa isang kurap lamang ng mata!", at nang makita (ni Solomon) na ito ay inilagay sa kanyang harapan, siya ay nagsabi: "Ito ay sa pamamagitan ng biyaya ng aking Panginoon, - upang ako ay masubukan kung ako ay may pasasalamat o walang pagtanaw ng pasasalamat! At kung sinuman ang may pagtanaw ng pasasalamat, katiyakang ang kanyang pagbibigay ng pasasalamat (ay tungo sa kabutihan) ng kanyang sarili, at sinuman ang walang pagtanaw ng pasasalamat, (ang kanyang kawalan nang pagtanaw ng pasasalamat ay para lamang sa kasahulan ng kanyang sarili). Katiyakan,

ang aking Panginoon ay Masagana (hindi nangangailangan ng anuman), ang Tigib ng Biyaya."

قَالَ نَكِّرُوا۟ لَهَا عَرْشَهَا نَنظُرْ أَتَهْتَدِىٓ أَمْ تَكُونُ مِنَ ٱلَّذِينَ لَا يَهْتَدُونَ ﴿٤١﴾

41. Siya ay nagsabi: "Inyong ikubli (o gawing kunwari lamang) ang kanyang luklukan sa kanya (Reyna ng Saba) upang ating mamalas kung siya ay mapapatnubayan (na makilala ang kanyang luklukan), o siya ay isa sa mga hindi napapatnubayan."

فَلَمَّا جَآءَتْ قِيلَ أَهَٰكَذَا عَرْشُكِ ۖ قَالَتْ كَأَنَّهُۥ هُوَ ۚ وَأُوتِينَا ٱلْعِلْمَ مِن قَبْلِهَا وَكُنَّا مُسْلِمِينَ ﴿٤٢﴾

42. Kaya't nang siya (Reyna ng Saba) ay dumating, ito ang sinabi sa kanya: "Ang iyo bagang luklukan ay katulad nito?" Siya ay nagsabi: "(Ito ay) tila katulad nga (ng aking luklukan)." At (si Solomon ay nagsabi): "Ang karunungan ay ipinagkaloob sa amin bago pa sa kanya, at kami ay tumalima kay Allah (bilang mga Muslim nang una pa sa kanya)."

وَصَدَّهَا مَا كَانَت تَّعْبُدُ مِن دُونِ ٱللَّهِ ۖ إِنَّهَا كَانَتْ مِن قَوْمٍ كَٰفِرِينَ ﴿٤٣﴾

43. At ang kanyang sinasamba maliban pa kay Allah ay humadlang sa kanya (sa Islam), sapagkat siya ay isa sa mga tao na hindi sumasampalataya.

قِيلَ لَهَا ٱدْخُلِى ٱلصَّرْحَ ۖ فَلَمَّا رَأَتْهُ حَسِبَتْهُ لُجَّةً وَكَشَفَتْ عَن سَاقَيْهَا ۚ قَالَ إِنَّهُۥ صَرْحٌ مُّمَرَّدٌ مِّن قَوَارِيرَ ۗ قَالَتْ رَبِّ إِنِّى ظَلَمْتُ نَفْسِى وَأَسْلَمْتُ مَعَ سُلَيْمَٰنَ لِلَّهِ رَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٤٤﴾

44. At ipinagbadya sa kanya (Reyna ng Saba): "Pumasok ka sa Palasyo (ang ibabaw nito ay may salamin at sa ilalim nito ay may tubig), datapuwa't nang kanyang mamalas ito, kanyang napag-akala na ito ay lawa ng tubig at kanyang (inililis ang kanyang damit) at nahantad ang kanyang mga binti. At si Solomon ay nangusap: "Katotohanang ito ay Palasyo na pinakinis sa piraso (tipak) ng salamin." Siya ay nagsabi: "O aking Panginoon! Katotohanang nasuong ang aking sarili sa kamalian, at ako ay sumuko na kasama ni Solomon kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang."

وَلَقَدْ أَرْسَلْنَآ إِلَىٰ ثَمُودَ أَخَاهُمْ صَٰلِحًا أَنِ ٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ فَإِذَا هُمْ فَرِيقَانِ يَخْتَصِمُونَ ﴿٤٥﴾

45. At katotohanang isinugo Namin sa (pamayanan ng) Thamud ang kanilang kapatid na si Salih na nagsasabi: "Tanging sambahin lamang si Allah (at wala ng iba). At kapagdaka, sila ay naging dalawang pangkat (mga sumasampalataya at mga hindi sumasampalataya) na nagtatalo (nagsasalungatan) sa isa't isa."

قَالَ يَٰقَوْمِ لِمَ تَسْتَعْجِلُونَ بِٱلسَّيِّئَةِ قَبْلَ ٱلْحَسَنَةِ ۖ لَوْلَا تَسْتَغْفِرُونَ ٱللَّهَ لَعَلَّكُمْ تُرْحَمُونَ ﴿٤٦﴾

46. Siya (Salih) ay nagsabi: "O aking pamayanan! Bakit ninyo hinahanap na madaliin ang kasamaan (kaparusahan) nang una sa kabutihan (Habag ni Allah)? Bakit hindi ninyo

paghanapin ang Pagpapatawad ni Allah upang kayo ay makatanggap ng habag?"

قَالُوا۟ ٱطَّيَّرْنَا بِكَ وَبِمَن مَّعَكَ ۚ قَالَ طَٰٓئِرُكُمْ عِندَ ٱللَّهِ ۖ بَلْ أَنتُمْ قَوْمٌ تُفْتَنُونَ ﴿٤٧﴾

47. Sila ay nagsabi: "Ikaw ay itinuturing namin na isang masamang pangitain, ikaw at yaong mga kasama mo." Siya ay nagsabi: "Ang inyong masamang pangitain (alalaong baga, ang kasasapitan o kahihinatnan) ay mula kay Allah; tunay nga, kayo ay mga tao na inilagay sa pagsubok."

وَكَانَ فِى ٱلْمَدِينَةِ تِسْعَةُ رَهْطٍ يُفْسِدُونَ فِى ٱلْأَرْضِ وَلَا يُصْلِحُونَ ﴿٤٨﴾

48. At mayroon sa lungsod na siyam na lalaki (mula sa mga anak ng kanilang mga pinuno) na gumagawa ng kabuktutan sa kalupaan at ayaw magbago.

قَالُوا۟ تَقَٰسَمُوا۟ بِٱللَّهِ لَنُبَيِّتَنَّهُۥ وَأَهْلَهُۥ ثُمَّ لَنَقُولَنَّ لِوَلِيِّهِۦ مَا شَهِدْنَا مَهْلِكَ أَهْلِهِۦ وَإِنَّا لَصَٰدِقُونَ ﴿٤٩﴾

49. Sila ay nagsabi: "Magsumpaan tayo sa isa't isa sa Ngalan ni Allah na tayo ay sasalakay sa kanya at sa kanyang kasambahay nang palihim sa gabi, at pagkatapos ay ating sasabihin sa kanyang pinakamalapit na kamag-anak (ito): "Hindi namin nasaksihan ang pagkawasak ng kanyang kasambahay, at tunay ngang kami ay nagsasabi ng katotohanan!"

وَمَكَرُوا۟ مَكْرًا وَمَكَرْنَا مَكْرًا وَهُمْ لَا يَشْعُرُونَ ﴿٥٠﴾

50. At sila ay nagbalak ng isang pakana, at Kami ay nagbalak din habang ito ay hindi nila napag-aakala.

فَٱنظُرْ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ مَكْرِهِمْ أَنَّا دَمَّرْنَٰهُمْ وَقَوْمَهُمْ أَجْمَعِينَ ﴿٥١﴾

51. At pagmasdan kung ano ang kinahantungan ng kanilang pakana! Katotohanang Aming winasak sila at ang kanilang pamayanan, lahat nang sama-sama.

فَتِلْكَ بُيُوتُهُمْ خَاوِيَةًۢ بِمَا ظَلَمُوٓا۟ ۗ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَةً لِّقَوْمٍ يَعْلَمُونَ ﴿٥٢﴾

52. Ito ang kanilang mga bahay na tandisang napinsala sapagkat gumawa sila ng kamalian. Katotohanang naririto ang isang aral (o Tanda) sa mga tao na nakakaunawa.

وَأَنجَيْنَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَكَانُوا۟ يَتَّقُونَ ﴿٥٣﴾

53. At Aming iniligtas ang mga nagsisampalataya na nangangamba at sumusunod kay Allah.

وَلُوطًا إِذْ قَالَ لِقَوْمِهِۦٓ أَتَأْتُونَ ٱلْفَٰحِشَةَ وَأَنتُمْ تُبْصِرُونَ ﴿٥٤﴾

54. At (alalahanin) si Lut nang kanyang sabihin sa kanyang pamayanan[47] : "Kayo baga ay gumagawa nang karumal-dumal na gawa, (sodomya) habang inyong namamalas (ang isa't isa na gumagawa ng kasamaan nang lantaran)?"

أَئِنَّكُمْ لَتَأْتُونَ ٱلرِّجَالَ شَهْوَةً مِّن دُونِ ٱلنِّسَآءِ ۚ بَلْ أَنتُمْ قَوْمٌ تَجْهَلُونَ ﴿٥٥﴾

55. Inyo bagang pinagsasamantalahan ang mga lalaki ng inyong mga pagnanasa kaysa sa mga babae? Tunay, kayo ay mga tao na umaasal ng walang kaisipan (katuturan)."

[47] Alalaong baga, ang bayan ng Sodom sa Palestina, ang lugar kung nasaan ngayon ang Patay na Dagat.

۞ فَمَا كَانَ جَوَابَ قَوْمِهِۦٓ إِلَّآ أَن قَالُوٓا۟ أَخْرِجُوٓا۟ ءَالَ لُوطٍ مِّن قَرْيَتِكُمْ ۖ إِنَّهُمْ أُنَاسٌ يَتَطَهَّرُونَ ﴿٥٦﴾

56. Wala ng ibang kasagutan ang ibinigay ng kanyang pamayanan maliban na sila ay nagsabi: "Inyong itaboy ang pamilya ni Lut mula sa ating lungsod. Katotohanang sila ay mga tao na nagnanais na maging malinis at dalisay!"

فَأَنجَيْنَٰهُ وَأَهْلَهُۥٓ إِلَّا ٱمْرَأَتَهُۥ قَدَّرْنَٰهَا مِنَ ٱلْغَٰبِرِينَ ﴿٥٧﴾

57. Kaya't Aming iniligtas siya at ang kanyang pamilya maliban sa kanyang asawa. Aming itinalaga siya na mapasama sa mga nagpaiwan.

وَأَمْطَرْنَا عَلَيْهِم مَّطَرًا ۖ فَسَآءَ مَطَرُ ٱلْمُنذَرِينَ ﴿٥٨﴾

58. At pinaulan Namin sa kanila ang ulan (ng mga bato). Pagkasama-sama ng gayong ulan sa mga pinagbalaan.

قُلِ ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ وَسَلَٰمٌ عَلَىٰ عِبَادِهِ ٱلَّذِينَ ٱصْطَفَىٰٓ ۗ ءَآللَّهُ خَيْرٌ أَمَّا يُشْرِكُونَ ﴿٥٩﴾

59. Ipagbadya (O Muhammad): "Ang pagpupuri at pasasalamat ay kay Allah, at kapayapaan sa Kanyang mga alipin na Kanyang hinirang (para sa Kanyang Mensahe)! Higit bagang mainam si Allah, o (ang lahat) ng inyong iniaakibat na mga katambal (sa Kanya)?" [Di nga kasi, walang alinlangan, si Allah ang higit na mainam].

أَمَّنْ خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ وَأَنزَلَ لَكُم مِّنَ ٱلسَّمَآءِ مَآءً فَأَنۢبَتْنَا بِهِۦ حَدَآئِقَ ذَاتَ بَهْجَةٍ مَّا كَانَ لَكُمْ أَن تُنۢبِتُوا۟ شَجَرَهَآ ۗ أَءِلَٰهٌ مَّعَ ٱللَّهِ ۚ بَلْ هُمْ قَوْمٌ يَعْدِلُونَ ﴿٦٠﴾

60. Hindi baga Siya (higit na mainam sa inyong mga diyos), [Siya] na lumikha ng mga kalangitan at kalupaan at nagpapanaog sa inyo ng tubig (ulan) mula sa alapaap, na rito (sa lupa) ay Aming pinapangyari na tumubo ang kamangha-manghang halamanan na puspos ng kagandahan at kasiyahan? Wala sa inyo ang kakayahan na magpapangyari nang paglaki ng kanyang mga puno. (Mayroon pa bang) ibang diyos maliban kay Allah? Hindi, sila ay mga tao na nag-aakibat ng mga kapantay (sa Kanya)!"

أَمَّن جَعَلَ ٱلْأَرْضَ قَرَارًا وَجَعَلَ خِلَٰلَهَآ أَنْهَٰرًا وَجَعَلَ لَهَا رَوَٰسِىَ وَجَعَلَ بَيْنَ ٱلْبَحْرَيْنِ حَاجِزًا ۗ أَءِلَٰهٌ مَّعَ ٱللَّهِ ۚ بَلْ أَكْثَرُهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٦١﴾

61. Hindi baga Siya (higit na mainam sa inyong mga diyos), [Siya] na gumawa sa kalupaan na matatag upang panahanan, at (Siya) na naglagay ng mga ilog sa gitna nito, at (Siya) na nagtindig dito nang matatatag na kabundukan, at (Siya) na nagtakda ng sagka sa pagitan ng dalawang dagat (ng maalat at manamis-namis na tubig). (Mayroon pa bang) ibang diyos maliban kay Allah? Hindi, datapuwa't karamihan sa kanila ay hindi nakakaunawa.

أَمَّن يُجِيبُ ٱلْمُضْطَرَّ إِذَا دَعَاهُ وَيَكْشِفُ ٱلسُّوٓءَ وَيَجْعَلُكُمْ خُلَفَآءَ ٱلْأَرْضِ ۗ أَءِلَٰهٌ

62. Hindi baga Siya (higit na mainam sa inyong mga diyos), [Siya] na sumasaklolo sa mga nalalagay sa panganib kung siya ay naninikluhod sa Kanya, at

Siya na nag-aalis sa kasamaan at gumawa sa inyo na mga tagapagmana ng kalupaan sa maraming henerasyon ng mga salit-saling lahi. (Mayroong pa bang) ibang diyos maliban kay Allah? Kakarampot lamang ang inyong naaala-ala!

مَّعَ ٱللَّهِ ۚ قَلِيلًا مَّا تَذَكَّرُونَ ﴿٦٢﴾

63. Hindi baga Siya (higit na mainam sa inyong mga diyos), [Siya] na namamatnubay sa inyo sa kadiliman ng kalupaan at karagatan, at nagpapadala ng hangin bilang tagapagdala ng masayang balita ayon sa Kanyang Habag (ang ulan)? (Mayroon pa bang) ibang diyos maliban kay Allah? Higit Siyang Kataas-taasan sa lahat ng kanilang iniaakibat na mga katambal (sa Kanya)!

أَمَّن يَهْدِيكُمْ فِي ظُلُمَٰتِ ٱلْبَرِّ وَٱلْبَحْرِ وَمَن يُرْسِلُ ٱلرِّيَٰحَ بُشْرًۢا بَيْنَ يَدَىْ رَحْمَتِهِۦٓ ۗ أَءِلَٰهٌ مَّعَ ٱللَّهِ ۚ تَعَٰلَى ٱللَّهُ عَمَّا يُشْرِكُونَ ﴿٦٣﴾

64. Hindi baga Siya (higit na mainam sa inyong tinatawag na mga diyos), [Siya] na nagpasimula ng paglikha, at matapos ito, (ito) ay Kanyang uulitin, at (Siya) ang nagkakaloob sa inyo (ng lahat ng bagay) mula sa kalangitan at kalupaan? (Mayroon pa bang) ibang diyos maliban kay Allah? Ipagbadya: "Ipakita (ilantad) ninyo ang inyong mga katibayan kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan."

أَمَّن يَبْدَؤُا۟ ٱلْخَلْقَ ثُمَّ يُعِيدُهُۥ وَمَن يَرْزُقُكُم مِّنَ ٱلسَّمَآءِ وَٱلْأَرْضِ ۗ أَءِلَٰهٌ مَّعَ ٱللَّهِ ۚ قُلْ هَاتُوا۟ بُرْهَٰنَكُمْ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿٦٤﴾

65. Ipagbadya: "Walang sinuman (doon at dito) sa mga kalangitan at kalupaan ang nakatatalastas ng *Ghaib* (mga nalilingid tulad ng Paraiso, Impiyerno, kaluluwa, anghel, atbp.) maliban kay Allah, at hindi rin nila mapaghihinuha kung kailan sila ibabangong muli (sa pagkabuhay)."

قُل لَّا يَعْلَمُ مَن فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ٱلْغَيْبَ إِلَّا ٱللَّهُ ۚ وَمَا يَشْعُرُونَ أَيَّانَ يُبْعَثُونَ ﴿٦٥﴾

66. Hindi, sila ay walang kaalaman sa Kabilang Buhay. Bagkus, sila ay nag-aalinlangan tungkol dito. Hindi, sila ay bulag tungkol dito.

بَلِ ٱدَّٰرَكَ عِلْمُهُمْ فِي ٱلْءَاخِرَةِ ۚ بَلْ هُمْ فِي شَكٍّ مِّنْهَا ۖ بَلْ هُم مِّنْهَا عَمُونَ ﴿٦٦﴾

67. At ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Kung kami ba ay maging alabok na, kami at ang aming mga ninuno, kami baga ay ibabangong muli?

وَقَالَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ أَءِذَا كُنَّا تُرَٰبًا وَءَابَآؤُنَآ أَئِنَّا لَمُخْرَجُونَ ﴿٦٧﴾

68. Tunay ngang kami ay pinangakuan nito, kami at ang aming mga ninuno noon pa, katotohanang ang mga ito ay wala ng iba maliban sa mga kuwento ng panahong sinauna."

لَقَدْ وُعِدْنَا هَٰذَا نَحْنُ وَءَابَآؤُنَا مِن قَبْلُ إِنْ هَٰذَآ إِلَّآ أَسَٰطِيرُ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿٦٨﴾

69. Ipagbadya mo sa kanila (O Muhammad): "Magsipaglakbay kayo sa kalupaan at pagmalasin kung ano ang kinahantungan ng mga kriminal (sila na nagtakwil sa mga Sugo ni

قُلْ سِيرُوا۟ فِي ٱلْأَرْضِ فَٱنظُرُوا۟ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلْمُجْرِمِينَ ﴿٦٩﴾

Allah at sumuway kay Allah)."

وَلَا تَحْزَنْ عَلَيْهِمْ وَلَا تَكُن فِي ضَيْقٍ مِّمَّا يَمْكُرُونَ ﴿٧٠﴾

70. At huwag kang magdalamhati sa kanila, gayundin ay huwag kang manliit (sa hapis) dahilan sa kanilang binabalak.

وَيَقُولُونَ مَتَىٰ هَٰذَا الْوَعْدُ إِن كُنتُمْ صَادِقِينَ ﴿٧١﴾

71. At sila (na mga hindi sumasampalataya sa Kaisahan ni Allah) ay nagsasabi: "Kailan baga kaya ang pangakong ito (ay matutupad) kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan?"

قُلْ عَسَىٰ أَن يَكُونَ رَدِفَ لَكُم بَعْضُ الَّذِي تَسْتَعْجِلُونَ ﴿٧٢﴾

72. Ipagbadya: "Marahil ang inyong hiling na inyong minamadali ay maaaring malapit na sa likuran ninyo.

وَإِنَّ رَبَّكَ لَذُو فَضْلٍ عَلَى النَّاسِ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَهُمْ لَا يَشْكُرُونَ ﴿٧٣﴾

73. Katotohanan, ang iyong Panginoon ay tigib ng biyaya (kagandahang-loob) sa sangkatauhan, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi nagbibigay ng pasasalamat."

وَإِنَّ رَبَّكَ لَيَعْلَمُ مَا تُكِنُّ صُدُورُهُمْ وَمَا يُعْلِنُونَ ﴿٧٤﴾

74. At katotohanan, ang iyong Panginoon ay nakababatid kung ano ang ikinukubli ng kanilang dibdib at kung ano ang kanilang inilalantad.

وَمَا مِنْ غَائِبَةٍ فِي السَّمَاءِ وَالْأَرْضِ إِلَّا فِي كِتَابٍ مُّبِينٍ ﴿٧٥﴾

75. At walang anumang nalilingid sa kalangitan at kalupaan na hindi (nakatala) sa isang maliwanag na Aklat (*Al-Lauh Al-Mahfuz*).

إِنَّ هَٰذَا الْقُرْآنَ يَقُصُّ عَلَىٰ بَنِي إِسْرَائِيلَ أَكْثَرَ الَّذِي هُمْ فِيهِ يَخْتَلِفُونَ ﴿٧٦﴾

76. Katotohanan, ang Qur'an na ito ay nagsasaysay sa Angkan ng Israel ng tungkol sa karamihan ng kanilang pinagkakahidwaan (pinagtatalunan at pinagkakasalungatan).

وَإِنَّهُ لَهُدًى وَرَحْمَةٌ لِّلْمُؤْمِنِينَ ﴿٧٧﴾

77. At katotohanang ito (ang Qur'an) ay isang Patnubay at isang Habag sa mga sumasampalataya.

إِنَّ رَبَّكَ يَقْضِي بَيْنَهُم بِحُكْمِهِ ۚ وَهُوَ الْعَزِيزُ الْعَلِيمُ ﴿٧٨﴾

78. Katotohanan, ang iyong Panginoon ay magpapasya sa pagitan nila (sa iba't ibang mga sekta) sa pamamagitan ng Kanyang Kahatulan, at Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Puspos ng Karunungan.

فَتَوَكَّلْ عَلَى اللَّهِ ۖ إِنَّكَ عَلَى الْحَقِّ الْمُبِينِ ﴿٧٩﴾

79. Kaya't inyong ilagay ang inyong pagtitiwala kay Allah; katiyakang ikaw (O Muhammad) ay nasa (Landas) ng lantad na Katotohanan.

إِنَّكَ لَا تُسْمِعُ الْمَوْتَىٰ وَلَا تُسْمِعُ الصُّمَّ الدُّعَاءَ إِذَا وَلَّوْا مُدْبِرِينَ ﴿٨٠﴾

80. Katotohanang hindi mo magagawa na ang patay ay makarinig (alalaong baga, ang mabigyan ng kapakinabangan sila, at gayundin ang mga hindi sumasampalataya), at ang bingi upang makarinig ng tawag, kung sila ay tumatalilis na nakatalikod.

81. At hindi mo maaakay ang bulag (upang hadlangan sila) sa pagkaligaw, magagawa mo lamang na makarinig ang mga sumasampalataya sa Aming *Ayat* (mga Talata ng Qur'an, aral at katibayan) at sila na nagsuko ng (kanilang sarili kay Allah sa Islam bilang mga Muslim).

وَمَآ أَنتَ بِهَٰدِى ٱلْعُمْىِ عَن ضَلَٰلَتِهِمْ ۖ إِن تُسْمِعُ إِلَّا مَن يُؤْمِنُ بِـَٔايَٰتِنَا فَهُم مُّسْلِمُونَ ﴿٨١﴾

82. At kapag ang Salita (ng Kaparusahan) ay matupad laban sa kanila, Aming ilalabas mula sa kalupaan ang isang Halimaw (o Mabangis na Hayop) patungo sa kanila na magsasalita sa kanila, sapagkat ang sangkatauhan ay hindi sumampalataya ng may katiyakan sa Aming *Ayat* (mga Talata ng Qur'an at kay Propeta Muhammad).

۞ وَإِذَا وَقَعَ ٱلْقَوْلُ عَلَيْهِمْ أَخْرَجْنَا لَهُمْ دَآبَّةً مِّنَ ٱلْأَرْضِ تُكَلِّمُهُمْ أَنَّ ٱلنَّاسَ كَانُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا لَا يُوقِنُونَ ﴿٨٢﴾

83. (At alalahanin) ang Araw na Aming titipunin sa bawat bansa ang isang pulutong ng mga nagtatwa ng Aming *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda) at (matapos ito), silang (lahat) ay titipunin (at itataboy sa lugar ng pagsusulit),

وَيَوْمَ نَحْشُرُ مِن كُلِّ أُمَّةٍ فَوْجًا مِّمَّن يُكَذِّبُ بِـَٔايَٰتِنَا فَهُمْ يُوزَعُونَ ﴿٨٣﴾

84. Hanggang nang sila ay sumapit (sa harapan ng Panginoon sa lugar ng pagsusulit), Siya ay magpapahayag: "Inyo bagang itinatwa ang Aking *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda) nang ito ay hindi ninyo nauunawaan (sa punto) ng Karunungan, o ano ba (yaon) na lagi nang inyong ginagawa?"

حَتَّىٰٓ إِذَا جَآءُو قَالَ أَكَذَّبْتُم بِـَٔايَٰتِى وَلَمْ تُحِيطُوا۟ بِهَا عِلْمًا أَمَّاذَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٨٤﴾

85. At ang salita (ng kaparusahan) ay matutupad laban sa kanila sapagkat sila ay nagsigawa ng kamalian at sila ay hindi makapangungusap (upang ipagtanggol ang kanilang sarili).

وَوَقَعَ ٱلْقَوْلُ عَلَيْهِم بِمَا ظَلَمُوا۟ فَهُمْ لَا يَنطِقُونَ ﴿٨٥﴾

86. Hindi baga nila namamalas na Aming ginawa ang gabi para sa kanila upang magpahinga, at ang araw upang bigyan sila ng liwanag (at paningin)? Katotohanang naririto ang *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda) sa mga tao na sumasampalataya.

أَلَمْ يَرَوْا۟ أَنَّا جَعَلْنَا ٱلَّيْلَ لِيَسْكُنُوا۟ فِيهِ وَٱلنَّهَارَ مُبْصِرًا ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَـَٔايَٰتٍ لِّقَوْمٍ يُؤْمِنُونَ ﴿٨٦﴾

87. At (alalahanin) ang Araw na ang tambuli ay hihipan, at ang lahat ng mga nasa kalangitan at lahat ng mga nasa kalupaan ay magigimbal, maliban sa kanya na maibigan ni Allah (na huwag mapabilang). At ang lahat ay paparoon sa Kanya na nangangayupapa (nagpapakumbaba).

وَيَوْمَ يُنفَخُ فِى ٱلصُّورِ فَفَزِعَ مَن فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَن فِى ٱلْأَرْضِ إِلَّا مَن شَآءَ ٱللَّهُ ۚ وَكُلٌّ أَتَوْهُ دَٰخِرِينَ ﴿٨٧﴾

88. At inyong mapagmamalas ang kabundukan

وَتَرَى ٱلْجِبَالَ تَحْسَبُهَا جَامِدَةً وَهِىَ تَمُرُّ مَرَّ

na inyong inaakala na nakatatag (hindi gumagalaw), datapuwa't sila ay maglalaho na katulad nang paglalaho ng mga ulap. (Ito) ang Gawa ni Allah, na Siyang nagpapapangyari ng lahat ng bagay sa ganap na ayos sapagkat katotohanang Siya ang Ganap na Nakakaalam kung ano ang inyong ginagawa.

ٱلسَّحَابِ ۚ صُنْعَ ٱللَّهِ ٱلَّذِىٓ أَتْقَنَ كُلَّ شَىْءٍ ۚ إِنَّهُۥ خَبِيرٌۢ بِمَا تَفْعَلُونَ ﴿٨٨﴾

89. Sinuman ang magdala ng isang mabuting gawa (alalaong baga, ang pananalig sa Kaisahan ni Allah na kasama ang lahat ng gawa ng katuwiran) ay magkakaroon nang higit na mainam kaysa sa katumbas nito, at sila ay magiging ligtas sa lagim ng Araw na yaon.

مَن جَآءَ بِٱلْحَسَنَةِ فَلَهُۥ خَيْرٌ مِّنْهَا ۖ وَهُم مِّن فَزَعٍ يَوْمَئِذٍ ءَامِنُونَ ﴿٨٩﴾

90. At sinuman ang dumatal na may masamang gawa (alalaong baga, hindi siya nakapagsisi, katulad ng pagsamba sa mga diyus-diyosan, kawalan ng pananalig sa Kaisahan ni Allah), sila ay ihahagis nang pasubasob sa kanilang mukha sa Apoy. (At sa kanila ay ipagbabadya): "Hindi baga kayo binayaran ng anuman maliban sa inyong ginawa?"

وَمَن جَآءَ بِٱلسَّيِّئَةِ فَكُبَّتْ وُجُوهُهُمْ فِى ٱلنَّارِ هَلْ تُجْزَوْنَ إِلَّا مَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٩٠﴾

91. Ako (Muhammad) ay pinag-utusan na sumamba lamang sa Panginoon ng lungsod na ito (Makkah), Siya na nagpabanal dito at sa Kanya (ang pagmamay-ari) sa lahat ng bagay. At ako ay pinag-utusan na mapabilang sa mga Muslim (na tumatalima kay Allah).

إِنَّمَآ أُمِرْتُ أَنْ أَعْبُدَ رَبَّ هَٰذِهِ ٱلْبَلْدَةِ ٱلَّذِى حَرَّمَهَا وَلَهُۥ كُلُّ شَىْءٍ ۖ وَأُمِرْتُ أَنْ أَكُونَ مِنَ ٱلْمُسْلِمِينَ ﴿٩١﴾

92. At upang aking dalitin ang Qur'an, kaya't kung sinuman ang tumanggap ng patnubay ay tumanggap nito para sa kapakanan ng kanyang sarili, at sinuman ang mapaligaw, iyong (sabihin sa kanya): "Ako ay isa lamang sa mga tagapagbabala."

وَأَنْ أَتْلُوَا۟ ٱلْقُرْءَانَ ۖ فَمَنِ ٱهْتَدَىٰ فَإِنَّمَا يَهْتَدِى لِنَفْسِهِۦ ۖ وَمَن ضَلَّ فَقُلْ إِنَّمَآ أَنَا۠ مِنَ ٱلْمُنذِرِينَ ﴿٩٢﴾

93. At ipagbadya (O Muhammad, sa mga pagano at mapagsamba sa diyus-diyosan): "Ang lahat ng mga papuri at pasasalamat ay kay Allah. Ipamamalas Niya sa inyo ang Kanyang *Ayat* (mga Tanda, sa inyong sarili at sa sangtinakpan, o sa kaparusahan), at inyong makikilala ito. At ang iyong Panginoon ang nakatatalos ng inyong ginagawa."

وَقُلِ ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ سَيُرِيكُمْ ءَايَٰتِهِۦ فَتَعْرِفُونَهَا ۚ وَمَا رَبُّكَ بِغَٰفِلٍ عَمَّا تَعْمَلُونَ ﴿٩٣﴾



Surah 28

Surat Al-Qasas
(Ang Salaysay)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ta, Sin, Mim. (Mga titik Ta, Sa, Ma. Ito ay isa sa mga milagro ng Qur'an at tanging si Allah lamang ang nakakaalam ng tunay nitong kahulugan).

طسٓمٓ ﴿١﴾

2. Ito ang mga Talata ng maliwanag na Aklat (na nagtatambad na maging malinaw ang katotohanan kaysa sa kabulaanan, nang mabuti kaysa sa masama).

تِلْكَ ءَايَٰتُ ٱلْكِتَٰبِ ٱلْمُبِينِ ﴿٢﴾

3. Dinadalit Namin sa iyo ang ilan sa kasaysayan ni Moises at Paraon ng may Katotohanan para sa mga tao na sumasampalataya (na nananalig sa Qur'an at sa Kaisahan ni Allah).

نَتْلُوا۟ عَلَيْكَ مِن نَّبَإِ مُوسَىٰ وَفِرْعَوْنَ بِٱلْحَقِّ لِقَوْمٍ يُؤْمِنُونَ ﴿٣﴾

4. Katotohanang si Paraon ay nagmataas sa kanyang sarili sa kalupaan at pinagwatak-watak niya ang kanyang mga tao (sa mga sekta o pangkat), na nagpapahapis (at nagpapahina) sa ilang pangkat ng kanilang lipon (alalaong baga, ang Angkan ng Israel), ang kanilang mga anak na lalaki ay kanyang pinaslang datapuwa't pinabayaan niyang mabuhay ang kababaihan, sapagkat tunay ngang siya ay isa sa mga mapaggawa nang malalaking kasalanan at krimen (kabuktutan, pang-aapi, kasamaan).

إِنَّ فِرْعَوْنَ عَلَا فِى ٱلْأَرْضِ وَجَعَلَ أَهْلَهَا شِيَعًا يَسْتَضْعِفُ طَآئِفَةً مِّنْهُمْ يُذَبِّحُ أَبْنَآءَهُمْ وَيَسْتَحْىِۦ نِسَآءَهُمْ ۚ إِنَّهُۥ كَانَ مِنَ ٱلْمُفْسِدِينَ ﴿٤﴾

5. At ninais Namin na maging Mapagpala sa mga nahahapis sa kalupaan, upang sila ay maging mga pinuno (sa pananalig) at gawin sila na mga tagapagmana,

وَنُرِيدُ أَن نَّمُنَّ عَلَى ٱلَّذِينَ ٱسْتُضْعِفُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ وَنَجْعَلَهُمْ أَئِمَّةً وَنَجْعَلَهُمُ ٱلْوَٰرِثِينَ ﴿٥﴾

6. Upang sila ay maitalaga nang matibay sa kalupaan, at maipakita Namin kay Paraon at kay Haman at sa kanilang mga kawal kung ano ang kanilang kinatatakutan sa kanila.

وَنُمَكِّنَ لَهُمْ فِى ٱلْأَرْضِ وَنُرِىَ فِرْعَوْنَ وَهَٰمَٰنَ وَجُنُودَهُمَا مِنْهُم مَّا كَانُوا۟

يَحْذَرُونَ ﴿٦﴾

وَأَوْحَيْنَآ إِلَىٰٓ أُمِّ مُوسَىٰٓ أَنْ أَرْضِعِيهِ ۖ فَإِذَا خِفْتِ عَلَيْهِ فَأَلْقِيهِ فِى ٱلْيَمِّ وَلَا تَخَافِى وَلَا تَحْزَنِىٓ ۖ إِنَّا رَآدُّوهُ إِلَيْكِ وَجَاعِلُوهُ مِنَ ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿٧﴾

7. Kaya't ipinagkaloob Namin ang ganitong inspirasyon sa ina ni Moises: "Pasusuhin mo (ang iyong anak, si Moises), datapuwa't kung ikaw ay may pangangamba para sa kanya ay ipaanod mo siya sa ilog, subalit huwag kang matakot o magdalamhati, sapagkat muli Naming ibabalik siya sa iyo, at Aming hihirangin siya na maging isa sa Aming mga Sugo.

فَٱلْتَقَطَهُۥٓ ءَالُ فِرْعَوْنَ لِيَكُونَ لَهُمْ عَدُوًّا وَحَزَنًا ۗ إِنَّ فِرْعَوْنَ وَهَٰمَٰنَ وَجُنُودَهُمَا كَانُوا۟ خَٰطِـِٔينَ ﴿٨﴾

8. Ang mga tauhan ni Paraon ay nakasagip sa kanya (sa ilog), upang (si Moises) ay magsilbing kaaway at magdulot sa kanila ng dalamhati. Katotohanang sina Paraon at Haman at ang lahat nilang mga kawal ay mga tao na makasalanan.

وَقَالَتِ ٱمْرَأَتُ فِرْعَوْنَ قُرَّتُ عَيْنٍ لِّى وَلَكَ ۖ لَا تَقْتُلُوهُ عَسَىٰٓ أَن يَنفَعَنَآ أَوْ نَتَّخِذَهُۥ وَلَدًا وَهُمْ لَا يَشْعُرُونَ ﴿٩﴾

9. At ang asawa ni Paraon ay nagsabi: "(Narito siya) na magiging aliw ng mata para sa akin at sa iyo. Huwag mo siyang paslangin. Marahil, siya ay magiging kapakinabangan sa atin, o di kaya ay ampunin natin siya bilang anak. At hindi nila napagtatanto (kung ano ang magiging bunga ng kanilang gagawin).

وَأَصْبَحَ فُؤَادُ أُمِّ مُوسَىٰ فَٰرِغًا ۖ إِن كَادَتْ لَتُبْدِى بِهِۦ لَوْلَآ أَن رَّبَطْنَا عَلَىٰ قَلْبِهَا لِتَكُونَ مِنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿١٠﴾

10. At ang puso ng ina ni Moises ay nawalan ng pandama (naging hungkag, maliban sa pag-aala-ala kay Moises). At nakahanda na sanang isiwalat niya ang lahat (na si Moises ay kanyang anak) kung hindi Namin pinatibay ang kanyang dibdib (sa Pananalig), upang siya ay manatili na isang matatag na nananampalataya.

وَقَالَتْ لِأُخْتِهِۦ قُصِّيهِ ۖ فَبَصُرَتْ بِهِۦ عَن جُنُبٍ وَهُمْ لَا يَشْعُرُونَ ﴿١١﴾

11. At kanyang sinabi sa kapatid na babae (ni Moises), "Sundan (tingnan) mo siya". Kaya't siya ay sumubaybay sa kanya (Moises) nang lihim sa malayo, samantalang ito ay hindi nila napag-aakala (napapapansin).

۞ وَحَرَّمْنَا عَلَيْهِ ٱلْمَرَاضِعَ مِن قَبْلُ فَقَالَتْ هَلْ أَدُلُّكُمْ عَلَىٰٓ أَهْلِ بَيْتٍ يَكْفُلُونَهُۥ لَكُمْ وَهُمْ لَهُۥ نَٰصِحُونَ ﴿١٢﴾

12. At Aming itinakda na siya (Moises) ay tumangging sumuso (ng gatas sa ibang babae), hanggang (ang kanyang kapatid na babae ay naparoon sa kanila) at nagsabi: "Ituturo ko sa inyo ang isang sambahayan na makapagpapasuso at makapag-aalaga sa kanya para sa inyo."

فَرَدَدْنَٰهُ إِلَىٰٓ أُمِّهِۦ كَىْ تَقَرَّ عَيْنُهَا وَلَا تَحْزَنَ وَلِتَعْلَمَ أَنَّ وَعْدَ ٱللَّهِ حَقٌّ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ﴿١٣﴾

13. Kaya't sa ganito Namin ibinalik siya (Moises) sa kanyang ina, upang ang (kanyang ina) ay mapanatag, at upang siya ay hindi malumbay, at upang kanyang maalaman na ang pangako ni Allah ay katotohanan; datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi nakababatid.

وَلَمَّا بَلَغَ أَشُدَّهُۥ وَٱسْتَوَىٰٓ ءَاتَيْنَٰهُ حُكْمًا وَعِلْمًا ۚ وَكَذَٰلِكَ نَجْزِى ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿١٤﴾

14. At nang siya ay sumapit na sa hustong gulang at naging matatag (sa pagkalalaki at isipan) ay iginawad Namin sa kanya ang *Hukman* (paghatol at ganap na pang-unawa sa relihiyon, alalaong baga, ang Islam at Kaisahan ni Allah) at karunungan. At sa gayon Namin ginagantimpalaan ang mga gumagawa ng kabutihan.

وَدَخَلَ ٱلْمَدِينَةَ عَلَىٰ حِينِ غَفْلَةٍ مِّنْ أَهْلِهَا فَوَجَدَ فِيهَا رَجُلَيْنِ يَقْتَتِلَانِ هَٰذَا مِن شِيعَتِهِۦ وَهَٰذَا مِنْ عَدُوِّهِۦ ۖ فَٱسْتَغَٰثَهُ ٱلَّذِى مِن شِيعَتِهِۦ عَلَى ٱلَّذِى مِنْ عَدُوِّهِۦ فَوَكَزَهُۥ مُوسَىٰ فَقَضَىٰ عَلَيْهِ ۖ قَالَ هَٰذَا مِنْ عَمَلِ ٱلشَّيْطَٰنِ ۖ إِنَّهُۥ عَدُوٌّ مُّضِلٌّ مُّبِينٌ ﴿١٥﴾

15. At pumasok siya sa lungsod sa oras na ang mga tao nito ay hindi abala (dahil sa panghapong pamamahinga); at nakita niya rito ang dalawang lalaki na nag-aaway, - ang isa ay mula sa kanyang pamayanan (kanyang ~~kare~~lihiyon mula sa Angkan ng Israel); at ang isa ay mula sa kanyang mga kaaway. Ngayon, ang lalaki na mula sa kanyang pamayanan ay nakiusap sa kanya na tulungan siya laban sa kanyang kalaban, at siya (kaaway) ay sinuntok ni Moises at kanyang napatay. Siya (Moises) ay nagsabi: "Ito ay mula sa gawain ni Satanas, sapagkat siya ay isang lantad na kaaway na naglilihis sa tao sa tamang landas!"

قَالَ رَبِّ إِنِّى ظَلَمْتُ نَفْسِى فَٱغْفِرْ لِى فَغَفَرَ لَهُۥٓ ۚ إِنَّهُۥ هُوَ ٱلْغَفُورُ ٱلرَّحِيمُ ﴿١٦﴾

16. Siya (Moises) ay nanalangin: "O aking Panginoon! Katotohanang binigyan ko ng kamalian ang aking sarili, kaya't Inyong patawarin ako!" Kaya't siya ay pinatawad ni Allah. Katotohanang Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

قَالَ رَبِّ بِمَآ أَنْعَمْتَ عَلَىَّ فَلَنْ أَكُونَ ظَهِيرًا لِّلْمُجْرِمِينَ ﴿١٧﴾

17. Siya ay nagsabi: "O aking Panginoon! Sapagkat ipinagkaloob Ninyo sa akin ang Inyong biyaya, kailanman ay hindi na ako tutulong sa mga mapaggawa ng kasalanan (kriminal, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, palasuway kay Allah)!"

فَأَصْبَحَ فِى ٱلْمَدِينَةِ خَآئِفًا يَتَرَقَّبُ فَإِذَا ٱلَّذِى

18. Sa kinaumagahan, nang siya ay lumilibot (na muli) sa Lungsod na may pangangamba at

nagmamasid (na naghihintay kung ano ang kinahinatnan ng kanyang krimen ng pagpatay); nang walang anu-ano, ang tao na kahapon lamang ay humingi sa kanya ng tulong ay muling tumawag sa kanya na humihinging (muli) ng tulong. Si Moises ay nagsabi sa kanya: "Katotohanang ikaw ay lantad (mapilit) na mapaglabag!"

اَسْتَنصَرَهُۥ بِالْأَمْسِ يَسْتَصْرِخُهُۥ ۖ قَالَ لَهُۥ مُوسَىٰٓ إِنَّكَ لَغَوِىٌّ مُّبِينٌ ﴿١٨﴾

19. At nang siya ay magnais na suntukin ang tao (lalaki) na kapwa nila kaaway, ang lalaki (Israel) ay nagsabi: "O Moises! Iyo bang hangarin na patayin ako na kagaya nang pagpatay mo sa isang lalaki kahapon? Ikaw ay naghahangad lamang na maging manlulupig sa kalupaan at hindi upang ayusin ang mga bagay sa wastong kalagayan!"

فَلَمَّآ أَنْ أَرَادَ أَن يَبْطِشَ بِالَّذِى هُوَ عَدُوٌّ لَّهُمَا قَالَ يَٰمُوسَىٰٓ أَتُرِيدُ أَن تَقْتُلَنِى كَمَا قَتَلْتَ نَفْسًۢا بِالْأَمْسِ ۖ إِن تُرِيدُ إِلَّآ أَن تَكُونَ جَبَّارًا فِى ٱلْأَرْضِ وَمَا تُرِيدُ أَن تَكُونَ مِنَ ٱلْمُصْلِحِينَ ﴿١٩﴾

20. At may isang lalaking dumating na humahangos na galing pa sa dulong lugar ng lungsod. Siya ay nagsabi: "O Moises, ang mga pinuno ay nagsasanggunian tungkol sa iyo (na naglalayon) na ikaw ay patayin, kaya't iyong lisanin (ang lungsod); katotohanang ako sa iyo (ay isa) sa matatapat na tagapayo."

وَجَآءَ رَجُلٌ مِّنْ أَقْصَا ٱلْمَدِينَةِ يَسْعَىٰ قَالَ يَٰمُوسَىٰٓ إِنَّ ٱلْمَلَأَ يَأْتَمِرُونَ بِكَ لِيَقْتُلُوكَ فَٱخْرُجْ إِنِّى لَكَ مِنَ ٱلنَّٰصِحِينَ ﴿٢٠﴾

21. Kaya't karaka-rakang umalis siya roon na nangangamba at nag-aakalang (siya ay huhulihin). Siya ay nanalangin: "O aking Panginoon, ako ay iligtas Ninyo sa mga tao na *Zalimun* (mapagsamba sa mga diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian)!"

فَخَرَجَ مِنْهَا خَآئِفًا يَتَرَقَّبُ ۖ قَالَ رَبِّ نَجِّنِى مِنَ ٱلْقَوْمِ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٢١﴾

22. At nang tahakin niya ang (lupain) patungo ng Madyan (Midian), siya ay nagsabi: "Marahil ang aking Panginoon ay mamamatnubay sa akin sa mainam na daan (patungo ng Madyan)."

وَلَمَّا تَوَجَّهَ تِلْقَآءَ مَدْيَنَ قَالَ عَسَىٰ رَبِّىٓ أَن يَهْدِيَنِى سَوَآءَ ٱلسَّبِيلِ ﴿٢٢﴾

23. At nang siya ay sumapit sa pook na pinag-iigiban ng tubig (isang balon) sa Madyan (Midian) ay nakatagpo siya rito ng maraming tao na nagpapainom (sa kanilang mga alagang hayop), at bukod pa rito ay nakatagpo siya ng dalawang babae na nagtataboy (ng kanilang mga alagang hayop). Siya ay nagsabi: "Ano ba ang suliranin ninyo? Sila (ang dalawang babae) ay nagsabi: "Hindi namin mapapainom ang

وَلَمَّا وَرَدَ مَآءَ مَدْيَنَ وَجَدَ عَلَيْهِ أُمَّةً مِّنَ ٱلنَّاسِ يَسْقُونَ وَوَجَدَ مِن دُونِهِمُ ٱمْرَأَتَيْنِ تَذُودَانِ ۖ قَالَ مَا خَطْبُكُمَا ۖ قَالَتَا لَا نَسْقِى حَتَّىٰ يُصْدِرَ ٱلرِّعَآءُ ۖ وَأَبُونَا شَيْخٌ كَبِيرٌ ﴿٢٣﴾

aming mga hayop hangga't ang mga tagapastol ay hindi mag-aalis sa kanilang mga hayop, at ang aming ama ay lubhang matanda na."

فَسَقَىٰ لَهُمَا ثُمَّ تَوَلَّىٰٓ إِلَى ٱلظِّلِّ فَقَالَ رَبِّ إِنِّى لِمَآ أَنزَلْتَ إِلَىَّ مِنْ خَيْرٍ فَقِيرٌ ﴿٢٤﴾

24. Kaya't pinainom niya ang kanilang mga alagang hayop, at pagkatapos ay muli siyang nagbalik sa lilim (ng punongkahoy) at nagsabi: "O aking Panginoon! Katotohanang ako (ay lubhang) nangangailangan ng anumang mabuting bagay na ipagkakaloob Ninyo sa akin!"

فَجَآءَتْهُ إِحْدَىٰهُمَا تَمْشِى عَلَى ٱسْتِحْيَآءٍ قَالَتْ إِنَّ أَبِى يَدْعُوكَ لِيَجْزِيَكَ أَجْرَ مَا سَقَيْتَ لَنَا ۚ فَلَمَّا جَآءَهُۥ وَقَصَّ عَلَيْهِ ٱلْقَصَصَ قَالَ لَا تَخَفْ ۖ نَجَوْتَ مِنَ ٱلْقَوْمِ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٢٥﴾

25. Hindi nagtagal, ang isa sa (mga babae) na nakikimi sa paglalakad ay bumalik sa kanya at nagsabi: "Ang aking ama ay nag-aanyaya sa iyo upang ikaw ay kanyang magantimpalaan (mapasalamatan) sa pagpapainom mo sa aming mga alagang hayop." Kaya't nang siya ay pumaroon sa kanya at isalaysay ang nangyari sa kanya, siya (ang matanda) ay nagsabi: "Huwag kang matakot, (ngayon) ikaw ay ligtas na sa *Zalimun* (mga mapang-aping tao, walang pananalig, tampalasan)."

قَالَتْ إِحْدَىٰهُمَا يَٰٓأَبَتِ ٱسْتَـْٔجِرْهُ ۖ إِنَّ خَيْرَ مَنِ ٱسْتَـْٔجَرْتَ ٱلْقَوِىُّ ٱلْأَمِينُ ﴿٢٦﴾

26. At nagsabi ang isa (sa mga dalaga): "O aking (mahal) na ama! Siya ay kunin ninyo at bigyan ng pasahod, tunay ngang ang pinakamainam sa mga lalaki na magtatrabaho ay yaong (lalaki) na malakas (matipuno) at mapagkakatiwalaan."

قَالَ إِنِّىٓ أُرِيدُ أَنْ أُنكِحَكَ إِحْدَى ٱبْنَتَىَّ هَٰتَيْنِ عَلَىٰٓ أَن تَأْجُرَنِى ثَمَٰنِىَ حِجَجٍ ۖ فَإِنْ أَتْمَمْتَ عَشْرًا فَمِنْ عِندِكَ ۖ وَمَآ أُرِيدُ أَنْ أَشُقَّ عَلَيْكَ ۚ سَتَجِدُنِىٓ إِن شَآءَ ٱللَّهُ مِنَ ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿٢٧﴾

27. Ang ama ay nagsabi: "Nais kong ipakasal ang isa sa aking mga dalaga sa iyo, sa kundisyon na maglilingkod ka sa akin sa walong taon, ngunit kung huhustuhin mo sa sampung taon, ito ay nasa sa iyo. At ayaw kong ilagay ka sa anumang kahirapan; tunay ngang ako ay makikita mo, kung pahihintulutan ni Allah, na isa sa mga matutuwid."

قَالَ ذَٰلِكَ بَيْنِى وَبَيْنَكَ ۖ أَيَّمَا ٱلْأَجَلَيْنِ قَضَيْتُ فَلَا عُدْوَٰنَ عَلَىَّ ۖ وَٱللَّهُ عَلَىٰ مَا نَقُولُ وَكِيلٌ ﴿٢٨﴾

28. Siya ay sumagot: "Hayaang ganito (ang kasunduan) sa pagitan natin, kahit na anuman sa ating kasunduan ang aking ganapin, walang mananaig na di-katarungan sa akin. Si Allah ang Saksi sa anumang ating ipinapahayag."

۞ فَلَمَّا قَضَىٰ مُوسَى ٱلْأَجَلَ وَسَارَ بِأَهْلِهِۦٓ

29. At nang matapos na ni Moises ang takdang panahon, at siya ay naglalakbay na kasama ang

kanyang pamilya ay natanaw niya ang isang apoy tungo sa landas ng Bundok ng Tur. Sinabi niya sa kanyang pamilya: "Magsipaghintay kayo rito; nakasumpong ako ng apoy; marahil ay makapagdadala ako para sa inyo mula roon ng ilang impormasyon, o isang nagliliyab na uri ng apoy na makapagpapainit sa inyong sarili."

ءَانَسَ مِن جَانِبِ ٱلطُّورِ نَارًا قَالَ لِأَهْلِهِ ٱمْكُثُوٓا۟ إِنِّىٓ ءَانَسْتُ نَارًا لَّعَلِّىٓ ءَاتِيكُم مِّنْهَا بِخَبَرٍ أَوْ جَذْوَةٍ مِّنَ ٱلنَّارِ لَعَلَّكُمْ تَصْطَلُونَ ﴿٢٩﴾

30. At nang makalapit na siya (sa Apoy), siya ay tinawag mula sa kanang bahagi ng lambak, mula sa isang puno sa banal na lupa: "O Moises! Katotohanang ako si Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang.

فَلَمَّآ أَتَىٰهَا نُودِىَ مِن شَـٰطِئِ ٱلْوَادِ ٱلْأَيْمَنِ فِى ٱلْبُقْعَةِ ٱلْمُبَـٰرَكَةِ مِنَ ٱلشَّجَرَةِ أَن يَـٰمُوسَىٰٓ إِنِّىٓ أَنَا ٱللَّهُ رَبُّ ٱلْعَـٰلَمِينَ ﴿٣٠﴾

31. Ngayon, iyong ihagis ang iyong tungkod!" Kaya't nang mamalas niya itong gumagalaw (sa kanyang sarili) na wari bang isang ahas, siya ay umurong na patalilis at hindi na lumingon sa kanyang likuran. (At sa kanya ay winika): "O Moises! Lumapit ka at huwag matakot. Katotohanang ikaw ay isa sa mga pinangangalagaan."

وَأَنْ أَلْقِ عَصَاكَ ۖ فَلَمَّا رَءَاهَا تَهْتَزُّ كَأَنَّهَا جَآنٌّ وَلَّىٰ مُدْبِرًا وَلَمْ يُعَقِّبْ ۚ يَـٰمُوسَىٰٓ أَقْبِلْ وَلَا تَخَفْ ۖ إِنَّكَ مِنَ ٱلْـَٔامِنِينَ ﴿٣١﴾

32. "Ipasok mo ang iyong kamay sa butas (daanan) ng iyong kasuutan, ito ay lalabas na puti (walang anumang dumi o karahasan), at ilagay mo ang iyong kamay na malapit sa iyong (tagiliran upang maging tagapigil laban) sa iyong pagkatakot (na iyong nararanasan mula sa ahas), sapagkat ito ang dalawang Tanda (himala, katibayan, na iyong mapapananganan) mula sa iyong Panginoon tungo kay Paraon at sa kanyang mga pinuno; sapagkat katotohanang sila ang mga tao na palasuway (kay Allah) at mga tampalasan."

ٱسْلُكْ يَدَكَ فِى جَيْبِكَ تَخْرُجْ بَيْضَآءَ مِنْ غَيْرِ سُوٓءٍ ۖ وَٱضْمُمْ إِلَيْكَ جَنَاحَكَ مِنَ ٱلرَّهْبِ ۖ فَذَٰنِكَ بُرْهَـٰنَانِ مِن رَّبِّكَ إِلَىٰ فِرْعَوْنَ وَمَلَإِيْهِۦٓ ۚ إِنَّهُمْ كَانُوا۟ قَوْمًا فَـٰسِقِينَ ﴿٣٢﴾

33. Siya ay nagsabi: "O aking Panginoon! Aking napatay ang isang lalaki sa lipon nila, at ako ay nangangamba na ako ay kanila ring papatayin,

قَالَ رَبِّ إِنِّى قَتَلْتُ مِنْهُمْ نَفْسًا فَأَخَافُ أَن يَقْتُلُونِ ﴿٣٣﴾

34. At ang aking kapatid na si Aaron, siya ay higit na mahusay magsalita kaysa sa akin; kaya't Inyong suguin (siya) na makasama ko bilang katuwang upang patotohanan (at palakasin) ako, sapagka't ako ay nangangamba na sila ay magpaparatang sa akin ng kasinungalingan."

وَأَخِى هَـٰرُونُ هُوَ أَفْصَحُ مِنِّى لِسَانًا فَأَرْسِلْهُ مَعِىَ رِدْءًا يُصَدِّقُنِىٓ ۖ إِنِّىٓ أَخَافُ أَن يُكَذِّبُونِ ﴿٣٤﴾

قَالَ سَنَشُدُّ عَضُدَكَ بِأَخِيكَ وَنَجْعَلُ لَكُمَا سُلْطَٰنًا فَلَا يَصِلُونَ إِلَيْكُمَا ۚ بِـَٔايَٰتِنَآ ۚ أَنتُمَا وَمَنِ ٱتَّبَعَكُمَا ٱلْغَٰلِبُونَ ﴿٣٥﴾

35. (Si Allah) ay nagwika: "(Katotohanang) palalakasin Namin ang iyong bisig sa pamamagitan ng iyong kapatid, at kayong dalawa ay Aming gagawaran ng kapamahalaan (katibayan) upang kayo ay hindi nila maabot (masaling). (Ito ay) sa pamamagitan ng Aming *Ayat* (mga Tanda), kayo at yaong mga sumusunod sa inyo ang mananaig (magwawagi)."

فَلَمَّا جَآءَهُم مُّوسَىٰ بِـَٔايَٰتِنَا بَيِّنَٰتٍ قَالُوا۟ مَا هَٰذَآ إِلَّا سِحْرٌ مُّفْتَرًى وَمَا سَمِعْنَا بِهَٰذَا فِىٓ ءَابَآئِنَا ٱلْأَوَّلِينَ ﴿٣٦﴾

36. At nang si Moises ay pumaroon sa kanila na may maliliwanag na *Ayat* (mga tanda, katibayan, aral, kapahayagan) mula sa Amin, sila ay nagsabi: "Ito ay wala ng iba kundi isang kinathang panglalansi (salamangka), at kailanman ay hindi namin narinig ang katulad nito mula sa aming mga ninuno!"

وَقَالَ مُوسَىٰ رَبِّىٓ أَعْلَمُ بِمَن جَآءَ بِٱلْهُدَىٰ مِنْ عِندِهِۦ وَمَن تَكُونُ لَهُۥ عَٰقِبَةُ ٱلدَّارِ ۖ إِنَّهُۥ لَا يُفْلِحُ ٱلظَّٰلِمُونَ ﴿٣٧﴾

37. Si Moises ay nagsabi: "Ang aking Panginoon ang lubos na nakababatid kung sino ang dumarating na may patnubay mula sa Kanya, at kung sino sila na ang kasasapitan ay ang pinakamainam sa Kabilang Buhay. Walang pagsala, ang mga mapaggawa ng katampalasanan ay hindi magtatagumpay."

وَقَالَ فِرْعَوْنُ يَٰٓأَيُّهَا ٱلْمَلَأُ مَا عَلِمْتُ لَكُم مِّنْ إِلَٰهٍ غَيْرِى ۖ فَأَوْقِدْ لِى يَٰهَٰمَٰنُ عَلَى ٱلطِّينِ فَٱجْعَل لِّى صَرْحًا لَّعَلِّىٓ أَطَّلِعُ إِلَىٰٓ إِلَٰهِ مُوسَىٰ وَإِنِّى لَأَظُنُّهُۥ مِنَ ٱلْكَٰذِبِينَ ﴿٣٨﴾

38. Si Paraon ay nagsabi: "O mga pinuno! Wala akong alam na diyos para sa inyo maliban sa aking sarili. Kaya't O Haman! Magparingas ka para sa akin (ng isang apoy) sa ibabaw ng malagkit na putik (na ginagawang bricks), at igawa mo ako ng mataas na tore o palasyo upang aking mapagmalas ang Diyos ni Moises. Katiyakang itinuturing ko na siya (Moises) ay isa sa lipon ng mga sinungaling!"

وَٱسْتَكْبَرَ هُوَ وَجُنُودُهُۥ فِى ٱلْأَرْضِ بِغَيْرِ ٱلْحَقِّ وَظَنُّوٓا۟ أَنَّهُمْ إِلَيْنَا لَا يُرْجَعُونَ ﴿٣٩﴾

39. At siya (Paraon) ay (lubhang) mapagmataas sa kalupaan, siya at ang kanyang mga sundalo nang walang karapatan, at sila ay nag-akala na sila ay hindi magbabalik sa Amin!

فَأَخَذْنَٰهُ وَجُنُودَهُۥ فَنَبَذْنَٰهُمْ فِى ٱلْيَمِّ ۖ فَٱنظُرْ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٤٠﴾

40. Kaya't Aming sinakmal siya at ang kanyang mga sundalo, at Aming inilubog sila sa dagat; pagmasdan (O Muhammad) kung ano ang kinasapitan ng mga mapaggawa ng kamalian (mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah at nagtakwil sa

payo ng Kanyang Sugo [Moises])!

41. At Aming ginawa (lamang) sila na maging mga pinuno na mag-aanyaya sa Impiyerno (Apoy); at sa Araw ng Muling Pagkabuhay, wala silang masusumpungan na anumang tulong.

وَجَعَلْنَٰهُمْ أَئِمَّةً يَدْعُونَ إِلَى ٱلنَّارِ ۖ وَيَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ لَا يُنصَرُونَ ﴿٤١﴾

42. At sa mundong ito ay iginawad Namin ang masamang sumpa na mamalagi sa kanila, at sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sila ay mapapabilang sa mga kinamumuhian (mga hinadlangan na makatanggap ng habag ni Allah, mga kinasusuklaman, at mga wawasakin).

وَأَتْبَعْنَٰهُمْ فِى هَٰذِهِ ٱلدُّنْيَا لَعْنَةً ۖ وَيَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ هُم مِّنَ ٱلْمَقْبُوحِينَ ﴿٤٢﴾

43. At katiyakan, Aming ipinahayag kay Moises ang Kasulatan (ang *Torah*, [mga Batas]) matapos Naming wasakin ang mga nanga-unang henerasyon, (upang magbigay) ng Maliwanag na Pananaw sa mga tao, at isang Patnubay at isang Habag upang sila ay makaala-ala.

وَلَقَدْ ءَاتَيْنَا مُوسَى ٱلْكِتَٰبَ مِنۢ بَعْدِ مَآ أَهْلَكْنَا ٱلْقُرُونَ ٱلْأُولَىٰ بَصَآئِرَ لِلنَّاسِ وَهُدًى وَرَحْمَةً لَّعَلَّهُمْ يَتَذَكَّرُونَ ﴿٤٣﴾

44. At ikaw (O Muhammad) ay wala sa kanlurang bahagi (ng lambak) nang Aming ipahayag kay Moises ang pag-uutos, at (gayundin naman), ikaw ay hindi naging saksi sa gayong mga pangyayari.

وَمَا كُنتَ بِجَانِبِ ٱلْغَرْبِىِّ إِذْ قَضَيْنَآ إِلَىٰ مُوسَى ٱلْأَمْرَ وَمَا كُنتَ مِنَ ٱلشَّٰهِدِينَ ﴿٤٤﴾

45. Nguni't itinindig Namin ang (mga bagong) henerasyon (matapos ang henerasyon ni Moises), at lubhang marami ng mga taon ang lumipas sa kanila, datapuwa't ikaw (O Muhammad) ay hindi kabilang sa mga nanirahan sa pamayanan ng Madyan (Midian), na nagpapahayag ng Aming mga Talata sa kanila, datapuwa't Kami ang namamalaging nagsusugo ng mga Sugo (na may taglay na inspirasyon).

وَلَٰكِنَّآ أَنشَأْنَا قُرُونًا فَتَطَاوَلَ عَلَيْهِمُ ٱلْعُمُرُ ۚ وَمَا كُنتَ ثَاوِيًا فِىٓ أَهْلِ مَدْيَنَ تَتْلُوا۟ عَلَيْهِمْ ءَايَٰتِنَا وَلَٰكِنَّا كُنَّا مُرْسِلِينَ ﴿٤٥﴾

46. Ikaw din (O Muhammad) ay wala sa tabi ng Bundok ng Tur nang Aming tawagin si Moises. Magkagayunman, ikaw ay isinugo bilang isang Habag mula sa iyong Panginoon, upang magbigay-babala sa mga tao na wala pang tagapagbabala ang dumatal sa kanila na nauna pa sa iyo, upang sila ay makatanggap ng paala-ala (o makaala-ala).

وَمَا كُنتَ بِجَانِبِ ٱلطُّورِ إِذْ نَادَيْنَا وَلَٰكِن رَّحْمَةً مِّن رَّبِّكَ لِتُنذِرَ قَوْمًا مَّآ أَتَىٰهُم مِّن نَّذِيرٍ مِّن قَبْلِكَ لَعَلَّهُمْ يَتَذَكَّرُونَ ﴿٤٦﴾

47. At kung ikaw ay hindi Namin (isinugo sa

وَلَوْلَآ أَن تُصِيبَهُم مُّصِيبَةٌۢ بِمَا قَدَّمَتْ

أَيْدِيهِمْ فَيَقُولُوا۟ رَبَّنَا لَوْلَآ أَرْسَلْتَ إِلَيْنَا رَسُولًا فَنَتَّبِعَ ءَايَٰتِكَ وَنَكُونَ مِنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٤٧﴾

mga Quraish sa Makkah), at kung mangyari na isang kaparusahan ang sumakmal sa kanila dahilan (sa mga gawa) na ginawa ng kanilang mga kamay, maaari nilang sabihin: "O aming Panginoon! Bakit hindi Kayo nagsugo sa amin ng isang Sugo? Disin sana'y susundin namin ang Inyong *Ayat* (mga Talata ng Qur'an) at mapapabilang kami sa mga sumasampalataya!"

فَلَمَّا جَآءَهُمُ ٱلْحَقُّ مِنْ عِندِنَا قَالُوا۟ لَوْلَآ أُوتِىَ مِثْلَ مَآ أُوتِىَ مُوسَىٰٓ ۚ أَوَلَمْ يَكْفُرُوا۟ بِمَآ أُوتِىَ مُوسَىٰ مِن قَبْلُ ۖ قَالُوا۟ سِحْرَانِ تَظَٰهَرَا وَقَالُوٓا۟ إِنَّا بِكُلٍّ كَٰفِرُونَ ﴿٤٨﴾

48. Datapuwa't (ngayon), nang ang katotohanan ay dumatal sa kanila (alalaong baga, si Muhammad at ang kanyang Mensahe) mula sa Amin, sila ay nagsasabi: "Bakit ang (mga Tanda) na ipinadala sa kanya (Muhammad) ay hindi kagaya niyaong mga ipinadala kay Moises? Hindi baga nila itinakwil noon (ang mga Tanda) na dati nang ipinadala kay Moises noon pa mang una? Sila ay nagsasabi: "Dalawang uri ng salamangka, (ang *Torah* [mga Batas] at ang Qur'an), ang bawat isa ay nagpapatibay sa isa't isa!" At sila ay nagsasabi: "Katotohanan! Kami ay nagtatakwil sa lahat (ng gayong mga bagay)!"

قُلْ فَأْتُوا۟ بِكِتَٰبٍ مِّنْ عِندِ ٱللَّهِ هُوَ أَهْدَىٰ مِنْهُمَآ أَتَّبِعْهُ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿٤٩﴾

49. Ipagbadya (sa kanila, O Muhammad): "Kung gayon, kayo ay magdala ng isang Aklat mula kay Allah na higit na mabuti sa patnubay kaysa sa dalawang ito (ang *Torah* [mga Batas] at Qur'an), upang ito ay aking sundin! (Inyo itong gawin), kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan!"

فَإِن لَّمْ يَسْتَجِيبُوا۟ لَكَ فَٱعْلَمْ أَنَّمَا يَتَّبِعُونَ أَهْوَآءَهُمْ ۚ وَمَنْ أَضَلُّ مِمَّنِ ٱتَّبَعَ هَوَىٰهُ بِغَيْرِ هُدًى مِّنَ ٱللَّهِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهْدِى ٱلْقَوْمَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٥٠﴾

50. Datapuwa't kung sila ay hindi makatugon sa iyo (alalaong baga, kung sila ay hindi makapagpakita ng sarili nilang aklat, gayundin naman, ay ayaw nilang maniwala sa iyong pananampalataya at sa Kaisahan ni Allah), kung gayon, iyong mapag-aalaman na sinusunod lamang nila ang kanilang sariling pagnanasa. At sino pa kaya ang higit na napapaligaw maliban sa kanya na sumusunod sa kanyang sariling pagnanasa, na walang anumang patnubay mula kay Allah? Katotohanan! Si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na *Zalimun* (mapagsamba sa mga diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian).

۞ وَلَقَدْ وَصَّلْنَا لَهُمُ ٱلْقَوْلَ لَعَلَّهُمْ يَتَذَكَّرُونَ ﴿٥١﴾

51. At katiyakan, ngayon ay naiparating na Namin sa kanila ang Salita (ang Qur'an, na naririto ang mga balita ng lahat ng bagay) para sa kanila, upang sila ay makatanggap ng paala-ala (o makaala-ala).

ٱلَّذِينَ ءَاتَيْنَٰهُمُ ٱلْكِتَٰبَ مِن قَبْلِهِۦ هُم بِهِۦ يُؤْمِنُونَ ﴿٥٢﴾

52. Ang mga tao na pinadalhan Namin ng Kasulatan (alalaong baga, ang *Torah* [mga Batas] at Ebanghelyo), bago pa rito, sila ay tunay namang naniniwala sa ganitong (kapahayagan, ang Qur'an).

وَإِذَا يُتْلَىٰ عَلَيْهِمْ قَالُوٓا۟ ءَامَنَّا بِهِۦٓ إِنَّهُ ٱلْحَقُّ مِن رَّبِّنَآ إِنَّا كُنَّا مِن قَبْلِهِۦ مُسْلِمِينَ ﴿٥٣﴾

53. At kung ito ay dinadalit sa kanila, sila ay nagsasabi: "Kami ay naniniwala rito, katiyakang ito ay Katotohanan mula sa aming Panginoon. Tunay ngang kami, noon pa mang una pa rito, ay mga Muslim (na sumusuko kay Allah sa Islam, katulad nila Abdullah bin Salama at Salman Al-Farisi)."

أُو۟لَٰٓئِكَ يُؤْتَوْنَ أَجْرَهُم مَّرَّتَيْنِ بِمَا صَبَرُوا۟ وَيَدْرَءُونَ بِٱلْحَسَنَةِ ٱلسَّيِّئَةَ وَمِمَّا رَزَقْنَٰهُمْ يُنفِقُونَ ﴿٥٤﴾

54. Sa kanila, dalawang ulit ang ipagkakaloob na gantimpala, sapagkat sila ay nagsipagtiyaga, at nilabanan nila ang kasamaan sa pamamagitan ng kabutihan, at sila ay gumugol (sa pagkakawanggawa) mula sa mga biyayang ipinagkaloob Namin sa kanila.

وَإِذَا سَمِعُوا۟ ٱللَّغْوَ أَعْرَضُوا۟ عَنْهُ وَقَالُوا۟ لَنَآ أَعْمَٰلُنَا وَلَكُمْ أَعْمَٰلُكُمْ سَلَٰمٌ عَلَيْكُمْ لَا نَبْتَغِى ٱلْجَٰهِلِينَ ﴿٥٥﴾

55. At kung sila ay nakakarinig ng mga walang katuwirang pagsasang-usapan (mga kabulaanan), sila ay tumatalikod dito at nagsasabi: "Sa amin ang aming mga gawa, at sa inyo ang inyong mga gawa. Ang kapayapaan ay sumainyo. Kami ay hindi naghahanap sa mga tao na walang kaalaman."

إِنَّكَ لَا تَهْدِى مَنْ أَحْبَبْتَ وَلَٰكِنَّ ٱللَّهَ يَهْدِى مَن يَشَآءُ ۚ وَهُوَ أَعْلَمُ بِٱلْمُهْتَدِينَ ﴿٥٦﴾

56. Katotohanan ngang hindi mo mapapatnubayan ang sinumang iyong naiibigan (minamahal); datapuwa't si Allah ang namamatnubay sa sinumang Kanyang maibigan at batid Niyang lubos ang mga tao na tumatanggap ng patnubay.

وَقَالُوٓا۟ إِن نَّتَّبِعِ ٱلْهُدَىٰ مَعَكَ نُتَخَطَّفْ مِنْ أَرْضِنَآ ۚ أَوَلَمْ نُمَكِّن لَّهُمْ حَرَمًا ءَامِنًا يُجْبَىٰٓ إِلَيْهِ ثَمَرَٰتُ كُلِّ شَىْءٍ رِّزْقًا مِّن لَّدُنَّا وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٥٧﴾

57. At sila ay nagsasabi: "Kung kami ay susunod sa patnubay na nasa iyo, kung gayon, kami ay mawawalan ng karapatan sa aming lupain" Hindi baga Namin itinindig para sa kanila ang isang ligtas na Santuwaryo (Makkah), ang lahat ng uri ng prutas ay

dinadala rito, isang pagtutustos mula sa Amin, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi nakakaunawa.

وَكَمْ أَهْلَكْنَا مِن قَرْيَةٍۭ بَطِرَتْ مَعِيشَتَهَا ۖ فَتِلْكَ مَسَٰكِنُهُمْ لَمْ تُسْكَن مِّنۢ بَعْدِهِمْ إِلَّا قَلِيلًا ۖ وَكُنَّا نَحْنُ ٱلْوَٰرِثِينَ ﴿٥٨﴾

58. At ilan na bang mga bayan (pamayanan) ang Amin nang winasak, kung saan sila nagpakasaya sa kanilang buhay (pagkatamad sa kanilang pamamaraan ng pamumuhay, walang damdamin ng pasasalamat at sumusuway kay Allah at sa Kanyang mga Sugo sa pamamagitan ng paggawa ng kasamaan at krimen)! Ngayon, ang kanilang pinanahanan pagkaraan nila ay hindi na pinananahanan, maliban na pansamantala lamang (ng mga manlalakbay na naghahanap ng pansumandaling tirahan)! At katotohanan, Kami ang kanilang tagapagmana!"

وَمَا كَانَ رَبُّكَ مُهْلِكَ ٱلْقُرَىٰ حَتَّىٰ يَبْعَثَ فِىٓ أُمِّهَا رَسُولًا يَتْلُوا۟ عَلَيْهِمْ ءَايَٰتِنَا ۚ وَمَا كُنَّا مُهْلِكِى ٱلْقُرَىٰٓ إِلَّا وَأَهْلُهَا ظَٰلِمُونَ ﴿٥٩﴾

59. At kailanman, ang iyong Panginon ay hindi magwawasak sa isang bayan (pamayanan) hangga't hindi Siya nagsusugo sa kanilang bayan ng isang Sugo, na nagpapahayag sa kanila ng Aming mga Tanda (Talata), gayundin naman, kailanman ay hindi Kami magwawasak ng isang pamayanan maliban kung ang mga tao nito ay *Zalimun* (mapaggawa ng kamalian, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, mapang-api).

وَمَآ أُوتِيتُم مِّن شَىْءٍ فَمَتَٰعُ ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا وَزِينَتُهَا ۚ وَمَا عِندَ ٱللَّهِ خَيْرٌ وَأَبْقَىٰٓ ۚ أَفَلَا تَعْقِلُونَ ﴿٦٠﴾

60. Ang (mga makamundong) bagay na ipinagkaloob sa inyo ay isang kaginhawahan sa buhay na ito at mga palamuti lamang, datapuwa't kung ano ang taglay ni Allah (para sa inyo sa Kabilang Buhay) ay higit na mainam at magtatagal. Hindi baga kayo magiging matalino?

أَفَمَن وَعَدْنَٰهُ وَعْدًا حَسَنًا فَهُوَ لَٰقِيهِ كَمَن مَّتَّعْنَٰهُ مَتَٰعَ ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا ثُمَّ هُوَ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ مِنَ ٱلْمُحْضَرِينَ ﴿٦١﴾

61. Kung gayon, siya kaya na pinangakuan Namin ng isang mabuting pangako (Paraiso) na kanyang makakaharap (alalaong baga, matatamasa) ay katulad niya na binigyan Namin ng kasayahan sa makamundong buhay na ito, (datapuwa't) siya, sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay mapapabilang sa mga ihaharap (sa kaparusahan ng Apoy ng Impiyerno)?

وَيَوْمَ يُنَادِيهِمْ فَيَقُولُ أَيْنَ شُرَكَآءِىَ ٱلَّذِينَ كُنتُمْ تَزْعُمُونَ ﴿٦٢﴾

62. At (alalahanin) ang Araw na Siya (Allah) ay tatawag sa kanila, at magwiwika: "Nasaan ang

(tinatawag ninyo) na Aking mga katambal na inyong iniaakibat (sa pagsamba sa Akin)?"

63. At sa kanila na ang salita (alalaong baga, ang pag-uutos ng kaparusahan) ay isasakatuparan ay magsasabi: "O aming Panginoon! Sila ang iniligaw namin sa landas ng kamalian. Inakay namin sila sa kamalian kung paano rin naman kami noon ay nasa kamalian. Aming ipinapahayag ang aming pakikipagkalas (kawalan ng kinalaman sa kanila) sa Inyong harapan. Hindi kami ang nakahiratihan na nilang sinasamba (sinusunod)."

قَالَ ٱلَّذِينَ حَقَّ عَلَيْهِمُ ٱلْقَوْلُ رَبَّنَا هَٰٓؤُلَآءِ ٱلَّذِينَ أَغْوَيْنَآ أَغْوَيْنَٰهُمْ كَمَا غَوَيْنَا ۖ تَبَرَّأْنَآ إِلَيْكَ ۖ مَا كَانُوٓا۟ إِيَّانَا يَعْبُدُونَ ﴿٦٣﴾

64. At sa kanila ay ipagbabadya: "Tawagin ninyo ang (sinasabi ninyong) mga katambal (ni Allah)." Sila ay mananawagan sa kanila, datapuwa't sila ay hindi makapagbibigay sa kanila ng kasagutan; at mamamasdan nila ang Kaparusahan. Kung sila lamang sana (ay naging bukas ang isipan) at sumunod sa patnubay!

وَقِيلَ ٱدْعُوا۟ شُرَكَآءَكُمْ فَدَعَوْهُمْ فَلَمْ يَسْتَجِيبُوا۟ لَهُمْ وَرَأَوُا۟ ٱلْعَذَابَ ۚ لَوْ أَنَّهُمْ كَانُوا۟ يَهْتَدُونَ ﴿٦٤﴾

65. At (alalahanin) ang Araw (na si Allah) ay tatawag sa kanila at magwiwika: "Ano ang kasagutan na ibinigay ninyo sa mga Sugo?"

وَيَوْمَ يُنَادِيهِمْ فَيَقُولُ مَاذَآ أَجَبْتُمُ ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿٦٥﴾

66. Datapuwa't ang impormasyon ay magiging malabo sa kanila sa Araw na yaon, kaya't sila ay hindi (makagagawa) na makapagtanungan sa isa't isa.

فَعَمِيَتْ عَلَيْهِمُ ٱلْأَنۢبَآءُ يَوْمَئِذٍ فَهُمْ لَا يَتَسَآءَلُونَ ﴿٦٦﴾

67. Nguni't sinuman ang nagsisi (sa pagsamba sa mga diyus-diyosan at sa mga kasalanan), sumampalataya (sa Kaisahan ni Allah at naniwala sa Kanyang Sugo na si Muhammad) at gumawa ng kabutihan, kung gayon, siya ay mapapabilang sa mga matatagumpay.

فَأَمَّا مَن تَابَ وَءَامَنَ وَعَمِلَ صَٰلِحًا فَعَسَىٰٓ أَن يَكُونَ مِنَ ٱلْمُفْلِحِينَ ﴿٦٧﴾

68. At ang iyong Panginoon ay lumilikha at pumipili ng anumang Kanyang maibigan, wala silang kakayahan na pumili (sa anumang bagay). Luwalhatiin si Allah! Higit Siyang malayo sa lahat ng mga itinatambal nila (sa Kanya)!

وَرَبُّكَ يَخْلُقُ مَا يَشَآءُ وَيَخْتَارُ ۗ مَا كَانَ لَهُمُ ٱلْخِيَرَةُ ۚ سُبْحَٰنَ ٱللَّهِ وَتَعَٰلَىٰ عَمَّا يُشْرِكُونَ ﴿٦٨﴾

69. At ang iyong Panginoon ang nakababatid ng lahat ng mga itinatago ng kanilang dibdib (kaluluwa) at ang lahat ng kanilang inilalantad.

وَرَبُّكَ يَعْلَمُ مَا تُكِنُّ صُدُورُهُمْ وَمَا يُعْلِنُونَ ﴿٦٩﴾

70. At Siya si Allah; *La ilaha illa Huwa* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan

وَهُوَ ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ۖ لَهُ ٱلْحَمْدُ فِى ٱلْأُولَىٰ

ng pagsamba maliban sa Kanya). Sa Kanya ang lahat ng Pagpupuri, sa simula (alalaong baga, sa mundong ito) at sa huli (alalaong baga, sa Kabilang Buhay). At sa Kanya ang lahat nang Pagpapasya, at kayong lahat sa Kanya ay magbabalik.

وَٱلْآخِرَةِ ۖ وَلَهُ ٱلْحُكْمُ وَإِلَيْهِ تُرْجَعُونَ ﴿٧٠﴾

71. Ipagbadya (O Muhammad): "Ano sa palagay ninyo; kung ginawa ni Allah na ang gabi ay walang katapusan sa inyo hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sino pa ba kayang diyos maliban kay Allah ang makapagbibigay sa inyo ng liwanag? Hindi ba kayo magsisipakinig?"

قُلْ أَرَءَيْتُمْ إِن جَعَلَ ٱللَّهُ عَلَيْكُمُ ٱلَّيْلَ سَرْمَدًا إِلَىٰ يَوْمِ ٱلْقِيَٰمَةِ مَنْ إِلَٰهٌ غَيْرُ ٱللَّهِ يَأْتِيكُم بِضِيَآءٍ ۖ أَفَلَا تَسْمَعُونَ ﴿٧١﴾

72. Ipagbadya (O Muhammad): "Ano sa palagay ninyo; kung ginawa ni Allah na ang maghapon (buong araw) ay walang katapusan sa inyo hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sino pa ba kayang diyos maliban kay Allah ang makapagbibigay sa inyo ng gabi upang kayo ay makapagpahinga? Hindi ba kayo makamamalas?"

قُلْ أَرَءَيْتُمْ إِن جَعَلَ ٱللَّهُ عَلَيْكُمُ ٱلنَّهَارَ سَرْمَدًا إِلَىٰ يَوْمِ ٱلْقِيَٰمَةِ مَنْ إِلَٰهٌ غَيْرُ ٱللَّهِ يَأْتِيكُم بِلَيْلٍ تَسْكُنُونَ فِيهِ ۖ أَفَلَا تُبْصِرُونَ ﴿٧٢﴾

73. At kabilang sa Kanyang Habag ay nilikha Niya para sa inyo ang gabi at araw, upang kayo ay makapagpahingalay (alalaong baga, sa gabi) at upang kayo ay makasumpong ng Kanyang mga Biyaya (alalaong baga, sa maghapon), ng sa gayon, kayo ay magkaroon ng utang na loob ng pasasalamat.

وَمِن رَّحْمَتِهِۦ جَعَلَ لَكُمُ ٱلَّيْلَ وَٱلنَّهَارَ لِتَسْكُنُوا۟ فِيهِ وَلِتَبْتَغُوا۟ مِن فَضْلِهِۦ وَلَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ ﴿٧٣﴾

74. At (alalahanin) ang Araw na Siya (ang inyong Panginoon, si Allah) ay tatawag sa kanila (na sumasamba sa mga diyus-diyosan), at magwiwika: "Nasaan ang (sinasabi ninyo) na Aking mga katambal na inyong ipinanganganlandakan?

وَيَوْمَ يُنَادِيهِمْ فَيَقُولُ أَيْنَ شُرَكَآءِىَ ٱلَّذِينَ كُنتُمْ تَزْعُمُونَ ﴿٧٤﴾

75. At sa bawat bansa (pamayanan) ay Aming dudukutin (ititindig) ang isang saksi at (Aming) wiwikain: "Ipakita ninyo ang inyong katibayan." Sa gayon, kanilang mapag-aalaman na ang Katotohanan ay nasa kay Allah (lamang), at ang mga kasinungalingan (huwad na diyos) na kanilang kinatha ay maglalaho sa kanila.

وَنَزَعْنَا مِن كُلِّ أُمَّةٍ شَهِيدًا فَقُلْنَا هَاتُوا۟ بُرْهَٰنَكُمْ فَعَلِمُوٓا۟ أَنَّ ٱلْحَقَّ لِلَّهِ وَضَلَّ عَنْهُم مَّا كَانُوا۟ يَفْتَرُونَ ﴿٧٥﴾

76. Katotohanang si Qarun (Korah) ay mula sa pamayanan ni Moises, datapuwa't siya ay naging

۞ إِنَّ قَٰرُونَ كَانَ مِن قَوْمِ مُوسَىٰ

palalo sa kanila. At Aming ginawaran siya ng mga kayamanan, na ang mga susi nito ay magiging pabigat sa katawan ng malalakas na lalaki. Kaya't nang ang kanyang pamayanan ay magsabi sa kanya: "Huwag kang maglumundag sa kasiyahan (sa kawalan nang pagtanaw ng pasasalamat sa mga kaloob ni Allah). Katotohanang hindi nagugustuhan ni Allah ang mga nagpapakasaya nang labis-labis (sa kayamanan at kawalan ng pasasalamat).

فَبَغَىٰ عَلَيْهِمْ ۖ وَءَاتَيْنَٰهُ مِنَ ٱلْكُنُوزِ مَآ إِنَّ مَفَاتِحَهُۥ لَتَنُوٓأُ بِٱلْعُصْبَةِ أُو۟لِى ٱلْقُوَّةِ إِذْ قَالَ لَهُۥ قَوْمُهُۥ لَا تَفْرَحْ ۖ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يُحِبُّ ٱلْفَرِحِينَ ﴿٧٦﴾

77. At iyong paghanapin (sa pamamagitan ng gayong kayamanan) na ipinagkaloob sa iyo ni Allah ang Tahanan (Gantimpala) ng Kabilang Buhay, at gayundin naman ay huwag mong kaligtaan ang iyong bahagi ng pinahihintulutang kasiyahan sa mundong ito, nguni't gumawa ka ng kabutihan, kung paano rin naman naging mabuti si Allah sa iyo. At huwag kang magnais ng kabuktutan (katiwalian) sa kalupaan. Katotohanang si Allah ay hindi nagmamahal sa mga mapaggawa ng kabuktutan (mapang-api, tampalasan at buhong).

وَٱبْتَغِ فِيمَآ ءَاتَىٰكَ ٱللَّهُ ٱلدَّارَ ٱلْءَاخِرَةَ ۖ وَلَا تَنسَ نَصِيبَكَ مِنَ ٱلدُّنْيَا ۖ وَأَحْسِن كَمَآ أَحْسَنَ ٱللَّهُ إِلَيْكَ ۖ وَلَا تَبْغِ ٱلْفَسَادَ فِى ٱلْأَرْضِ ۖ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يُحِبُّ ٱلْمُفْسِدِينَ ﴿٧٧﴾

78. Siya (Korah) ay nagsabi: "Ito ay ipinagkaloob sa akin dahilan sa natatanging karunungan na aking angkin." Hindi baga niya batid na winasak ni Allah bago pa sa kanya ang mga henerasyon, mga tao na higit na mahusay sa kanya sa lakas at higit na marami (ang mga kayamanan) na kanilang nalikom? Datapuwa't ang *Mujrimun* (mga buktot, kriminal, walang pananalig, mapagsamba sa mga diyus-diyosan), tungkol sa kanilang mga kasalanan ay hindi tatanungin (sapagkat ang kanilang mga masasamang gawa ay lubhang lantad at sapat na yaon upang sila ay maparusahan sa Impiyerno).

قَالَ إِنَّمَآ أُوتِيتُهُۥ عَلَىٰ عِلْمٍ عِندِىٓ ۚ أَوَلَمْ يَعْلَمْ أَنَّ ٱللَّهَ قَدْ أَهْلَكَ مِن قَبْلِهِۦ مِنَ ٱلْقُرُونِ مَنْ هُوَ أَشَدُّ مِنْهُ قُوَّةً وَأَكْثَرُ جَمْعًا ۚ وَلَا يُسْـَٔلُ عَن ذُنُوبِهِمُ ٱلْمُجْرِمُونَ ﴿٧٨﴾

79. Kaya't siya ay lumabas sa harapan ng kanyang pamayanan na taglay ang kanyang palamuti. Ang mga tao na ang layunin lamang ay ang Buhay sa Mundong ito ay nagsasabi: "Oh! Sana'y nagkaroon din kami ng katulad ng mga nakamtan ni Qarun (Korah)! Katotohanang siya ang isa sa may angkin ng malaking kayamanan!"

فَخَرَجَ عَلَىٰ قَوْمِهِۦ فِى زِينَتِهِۦ ۖ قَالَ ٱلَّذِينَ يُرِيدُونَ ٱلْحَيَوٰةَ ٱلدُّنْيَا يَٰلَيْتَ لَنَا مِثْلَ مَآ أُوتِىَ قَٰرُونُ إِنَّهُۥ لَذُو حَظٍّ عَظِيمٍ ﴿٧٩﴾

وَقَالَ ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْعِلْمَ وَيْلَكُمْ ثَوَابُ ٱللَّهِ خَيْرٌ لِّمَنْ ءَامَنَ وَعَمِلَ صَٰلِحًا ۚ وَلَا يُلَقَّىٰهَآ إِلَّا ٱلصَّٰبِرُونَ ﴿٨٠﴾

80. At ang mga tao na nabigyan ng tunay na karunungan (sa pananampalataya) ay nagsabi: "Kasawian sa inyo! Ang gantimpala ni Allah (sa Kabilang Buhay) ay higit na mainam sa mga nananampalataya at nagsisigawa ng kabutihan, at walang sinuman ang binibiyayaan nito maliban sa mga matitiyaga (matimtiman sa pagsunod sa katotohanan)."

فَخَسَفْنَا بِهِۦ وَبِدَارِهِ ٱلْأَرْضَ فَمَا كَانَ لَهُۥ مِن فِئَةٍ يَنصُرُونَهُۥ مِن دُونِ ٱللَّهِ وَمَا كَانَ مِنَ ٱلْمُنتَصِرِينَ ﴿٨١﴾

81. Kaya't pinapangyari Namin na siya at ang kanyang tahanan ay lagumin ng lupa, at siya ay wala ni isa mang pangkat upang tulungan siya laban kay Allah, gayundin, siya ay hindi kabilang sa kanila na maipagtatanggol ang kanilang sarili.

وَأَصْبَحَ ٱلَّذِينَ تَمَنَّوْا۟ مَكَانَهُۥ بِٱلْأَمْسِ يَقُولُونَ وَيْكَأَنَّ ٱللَّهَ يَبْسُطُ ٱلرِّزْقَ لِمَن يَشَآءُ مِنْ عِبَادِهِۦ وَيَقْدِرُ ۖ لَوْلَآ أَن مَّنَّ ٱللَّهُ عَلَيْنَا لَخَسَفَ بِنَا ۖ وَيْكَأَنَّهُۥ لَا يُفْلِحُ ٱلْكَٰفِرُونَ ﴿٨٢﴾

82. At ang mga naiinggit sa kanyang katatayuan, kakahapon lamang, ay nagsimula nang mangusap: "Oh, (pagmalasin) kung paano ipinaaabot (at inihahayo) ni Allah ang Kanyang biyaya sa sinumang Kanyang maibigan sa Kanyang mga alipin o nagkakait nito (sa sinuman na Kanyang maibigan)! At kung si Allah ay hindi naging mapagpala sa atin, maaari rin Niyang papangyarihin na lulunin din tayo ng lupa! Inyong mapag-alaman na ang mga walang pananampalataya ay hindi magsisipagtagumpay."

تِلْكَ ٱلدَّارُ ٱلْءَاخِرَةُ نَجْعَلُهَا لِلَّذِينَ لَا يُرِيدُونَ عُلُوًّا فِى ٱلْأَرْضِ وَلَا فَسَادًا ۚ وَٱلْعَٰقِبَةُ لِلْمُتَّقِينَ ﴿٨٣﴾

83. Ang Tahanang yaon ng Kabilang Buhay (alalaong baga, ang Paraiso) ay Aming ipagkakaloob sa mga tao na hindi naghihimagsik laban sa katotohanan ng may kapalaluan at pang-aapi at hindi nagkakalat ng kabuktutan sa kalupaan, at ang (pinakamainam) na kahahantungan ay para sa *Muttaqun* (mga matimtiman at matutuwid na mananampalataya kay Allah).

مَن جَآءَ بِٱلْحَسَنَةِ فَلَهُۥ خَيْرٌ مِّنْهَا ۖ وَمَن جَآءَ بِٱلسَّيِّئَةِ فَلَا يُجْزَى ٱلَّذِينَ عَمِلُوا۟ ٱلسَّيِّـَٔاتِ إِلَّا مَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿٨٤﴾

84. Sinuman ang gumawa ng kabutihan (paniniwala sa Kaisahan ni Allah na kalakip ang mabubuting gawa), ang gantimpala para sa kanya ay higit na mainam sa kanyang mga gawa; at sinuman ang gumawa ng kasamaan (paniniwala sa mga diyus-diyosan kasama nang masasamang gawa), kung gayon, ang gumawa ng kasamaan ay parurusahan lamang (nang katapat) sa kanyang mga gawa.

إِنَّ ٱلَّذِى فَرَضَ عَلَيْكَ ٱلْقُرْءَانَ لَرَآدُّكَ إِلَىٰ مَعَادٍ ۚ قُل رَّبِّىٓ أَعْلَمُ مَن جَآءَ بِٱلْهُدَىٰ وَمَنْ هُوَ فِى ضَلَٰلٍ مُّبِينٍ ﴿٨٥﴾

85. Katotohanang Siya (Allah) na nagpatupad (nagpataw) sa iyo (O Muhammad) ng Qur'an (alalaong baga, nag-utos sa iyo na sumunod sa mga batas nito at mangaral sa iba) ay (Siyang) magbabalik sa iyo sa Lugar ng *Ma'ad* (lugar ng pagbabalik, maaaring sa Makkah, o sa Paraiso sa Kabilang Buhay). Ipagbadya (O Muhammad): "Ang aking Panginoon ang Lubos na Nakatatalos kung sino ang nagdadala ng tumpak na patnubay at kung sino ang nasa lantad na kamalian."

وَمَا كُنتَ تَرْجُوٓا۟ أَن يُلْقَىٰٓ إِلَيْكَ ٱلْكِتَٰبُ إِلَّا رَحْمَةً مِّن رَّبِّكَ ۖ فَلَا تَكُونَنَّ ظَهِيرًا لِّلْكَٰفِرِينَ ﴿٨٦﴾

86. At hindi mo inaasahan na ang Aklat (ang Qur'an) ay ipapanaog sa iyo, datapuwa't ito ay isang Habag mula sa iyong Panginoon. Kaya't huwag kang maging katulong (tagatangkilik) ng mga hindi sumasampalataya (sa kanilang maling relihiyon sa pamamagitan nang pagbibigay ng laya sa kanilang paniniwala).

وَلَا يَصُدُّنَّكَ عَنْ ءَايَٰتِ ٱللَّهِ بَعْدَ إِذْ أُنزِلَتْ إِلَيْكَ ۖ وَٱدْعُ إِلَىٰ رَبِّكَ ۖ وَلَا تَكُونَنَّ مِنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿٨٧﴾

87. At huwag mong hayaan (O Muhammad) na ikaw ay hadlangan nila (sa pangangaral) ng *Ayat* (mga kapahayagan at mga talata) ni Allah, matapos na ito ay maipahayag sa iyo, at iyong anyayahan (ang sangkatauhan) na sumampalataya sa iyong Panginoon, at huwag kang maging isa sa *Al-Mushrikun* (mga tao na nagtatambal ng iba pang diyos maliban kay Allah, pagano, sumasamba sa mga imahen, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah at nagtatatwa sa pagka-Propeta ng Kanyang Sugo na si Muhammad).

وَلَا تَدْعُ مَعَ ٱللَّهِ إِلَٰهًا ءَاخَرَ ۘ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ۚ كُلُّ شَىْءٍ هَالِكٌ إِلَّا وَجْهَهُۥ ۚ لَهُ ٱلْحُكْمُ وَإِلَيْهِ تُرْجَعُونَ ﴿٨٨﴾

88. At huwag kang manikluhod sa anupamang diyos maliban kay Allah. *La ilaha illa Huwa* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya). Ang lahat ng bagay ay maglalaho maliban sa Kanyang Mukha (Sarili). Sa Kanya ang lahat nang pagpapasya, at sa Kanya magbabalik ang lahat.

سُورَةُ العَنكَبُوتِ

Surah 29

Surat Al-Ankabut
(Ang Gagamba)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

الٓمٓ ﴿١﴾

1. Alif, Lam, Mim. (Mga titik A, La, Ma. Ito ay isa sa mga milagro ng Qur'an at tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

أَحَسِبَ ٱلنَّاسُ أَن يُتْرَكُوٓاْ أَن يَقُولُوٓاْ ءَامَنَّا وَهُمْ لَا يُفْتَنُونَ ﴿٢﴾

2. Nag-aakala baga ang sangkatauhan na sila ay hahayaan lamang sapagkat sila ay nagsasabi: "Kami ay sumampalataya", at sila ay hindi susubukan?

وَلَقَدْ فَتَنَّا ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ ۖ فَلَيَعْلَمَنَّ ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ صَدَقُواْ وَلَيَعْلَمَنَّ ٱلْكَٰذِبِينَ ﴿٣﴾

3. Katotohanan, Aming sinubukan ang mga tao na nauna pa sa kanila, at katiyakang si Allah ang gagawa na maging lantad yaong mga matatapat at katiyakan (rin) na Siya ang gagawa na maging lantad ang mga sinungaling.

أَمْ حَسِبَ ٱلَّذِينَ يَعْمَلُونَ ٱلسَّيِّـَٔاتِ أَن يَسْبِقُونَا ۚ سَآءَ مَا يَحْكُمُونَ ﴿٤﴾

4. O sila kaya na nagsisigawa ng mga kabuktutan ay nag-aakala na Kami ay kanilang malalagpasan (alalaong baga, matatakasan)? Kasamaan ang kanilang paghuhusga!

مَن كَانَ يَرْجُواْ لِقَآءَ ٱللَّهِ فَإِنَّ أَجَلَ ٱللَّهِ لَءَاتٍ ۚ وَهُوَ ٱلسَّمِيعُ ٱلْعَلِيمُ ﴿٥﴾

5. Sinuman ang umaasa sa pakikipagtipan kay Allah, kung gayon, ang Sandali (na itinakda) ni Allah ay walang pagsalang sasapit; at Siya ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Maalam.

وَمَن جَٰهَدَ فَإِنَّمَا يُجَٰهِدُ لِنَفْسِهِۦٓ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ لَغَنِىٌّ عَنِ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٦﴾

6. At sinuman ang magsikap (o makipaglaban para sa kapakanan ni Allah), ito ay ginawa niya para sa kanyang sarili. Katotohanang si Allah ay Malaya sa anumang pangangailangan mula sa Kanyang mga nilalang.

وَٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ وَعَمِلُواْ ٱلصَّٰلِحَٰتِ لَنُكَفِّرَنَّ عَنْهُمْ سَيِّـَٔاتِهِمْ وَلَنَجْزِيَنَّهُمْ أَحْسَنَ ٱلَّذِى كَانُواْ يَعْمَلُونَ ﴿٧﴾

7. Sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at naniniwala sa Sugo na si Muhammad, na hindi tumatalikod dito bagama't sila ay nakakatanggap ng pinsala sa mga pagano at mapagsamba sa mga diyus-diyosan) at nagsisigawa ng kabutihan,

katotohanang Aming papalisin ang kanilang mga maling gawa, at Aming gagantimpalaan sila ng ayon sa buti ng kanilang mga gawa.

8. At Aming ipinagtagubilin sa tao na maging mabuti at masunurin sa kanyang magulang, datapuwa't kung sila ay magsikhay na ikaw ay (pilitin) na mag-akibat sa Akin sa pagsamba (bilang katambal), na rito ay wala kang kaalaman, kung gayon, sila ay huwag ninyong sundin. Kayong lahat ay magbabalik sa Akin at ipagsasaysay Ko sa inyo ang inyong ginagawa.

وَوَصَّيْنَا ٱلْإِنسَٰنَ بِوَٰلِدَيْهِ حُسْنًا ۖ وَإِن جَٰهَدَاكَ لِتُشْرِكَ بِى مَا لَيْسَ لَكَ بِهِۦ عِلْمٌ فَلَا تُطِعْهُمَآ ۚ إِلَىَّ مَرْجِعُكُمْ فَأُنَبِّئُكُم بِمَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٨﴾

9. At sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa mga iba pang paksa ng pananampalataya) at nagsisigawa ng kabutihan, katiyakang sila ay Aming tatanggapin (sa Paraiso) na kabilang sa lipon ng mga matutuwid.

وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ لَنُدْخِلَنَّهُمْ فِى ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿٩﴾

10. At mayroong mga tao na nagsasabi: "Kami ay sumampalataya kay Allah"; datapuwa't kung sila ay makaranas ng kahirapan dahilan (sa kanilang pananampalataya) kay Allah, ay kanilang itinuturing ang pagsubok (alalaong baga, ang kasahulan o kahirapan) ng mga tao (na wari bang ito) ay kaparusahan ni Allah! At kung ang tagumpay ay dumatal mula sa iyong Panginoon, katiyakang (ang mga mapagkunwari) ay magsasabi: "Katotohanang kami ay lagi ninyong kakampi!" Hindi baga si Allah ang Lubos na Nakakaalam ng nasa puso ng Kanyang mga nilalang!

وَمِنَ ٱلنَّاسِ مَن يَقُولُ ءَامَنَّا بِٱللَّهِ فَإِذَآ أُوذِىَ فِى ٱللَّهِ جَعَلَ فِتْنَةَ ٱلنَّاسِ كَعَذَابِ ٱللَّهِ ۖ وَلَئِن جَآءَ نَصْرٌ مِّن رَّبِّكَ لَيَقُولُنَّ إِنَّا كُنَّا مَعَكُمْ ۚ أَوَلَيْسَ ٱللَّهُ بِأَعْلَمَ بِمَا فِى صُدُورِ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿١٠﴾

11. At katiyakang nababatid ni Allah ang mga sumasampalataya, at gayundin, katiyakang nababatid ni Allah ang mga mapagkunwari (alalaong baga, si Allah ay susubok sa mga tao sa kabutihan at kahirapan upang Kanyang maihiwalay ang mababuti sa mga buktot [bagama't batid Niya ang lahat ng mga ito bago pa sila ay Kanyang subukan]).

وَلَيَعْلَمَنَّ ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَلَيَعْلَمَنَّ ٱلْمُنَٰفِقِينَ ﴿١١﴾

12. At sila na hindi sumasampalataya ay nagsabi sa mga sumasampalataya: "Sundin ninyo ang aming pamamaraan, at aakuin namin (ang kahihinatnan) ng inyong mga kasalanan."

وَقَالَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لِلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱتَّبِعُوا۟ سَبِيلَنَا وَلْنَحْمِلْ خَطَٰيَٰكُمْ وَمَا هُم بِحَٰمِلِينَ مِنْ خَطَٰيَٰهُم مِّن شَىْءٍ ۖ إِنَّهُمْ

Kailanman, kahit na katiting, ay hindi nila aakuin ang kanilang kamalian. Katotohanang sila ay mga sinungaling!

لَكَٰذِبُونَ ﴿١٢﴾

13. At katotohanang papasanin nila ang sarili nilang mga pabigat (mga kamalian) at (ang iba) pang mga pabigat na kasama ng kanila, at sa Araw ng Muling Pagkabuhay, katiyakang sila ay tatanungin tungkol sa bagay na kinahiratihan na nilang kinakatha (na kasinungalingan).

وَلَيَحْمِلُنَّ أَثْقَالَهُمْ وَأَثْقَالًا مَّعَ أَثْقَالِهِمْ ۖ وَلَيُسْـَٔلُنَّ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ عَمَّا كَانُوا۟ يَفْتَرُونَ ﴿١٣﴾

14. Katotohanang Aming isinugo si Noah sa kanyang pamayanan, at siya ay nanatili sa kanila sa loob ng isang libong taon maliban sa limangpu (na nag-aanyaya sa kanila sa pagsampalataya sa Kaisahan ni Allah, at iwaksi ang mga huwad na diyos at iba pang mga diyus-diyosan); datapuwa't ang Delubyo (baha) ay sumakmal sa kanila habang sila (ay lulong) sa kasalanan at kasamaan.

وَلَقَدْ أَرْسَلْنَا نُوحًا إِلَىٰ قَوْمِهِۦ فَلَبِثَ فِيهِمْ أَلْفَ سَنَةٍ إِلَّا خَمْسِينَ عَامًا فَأَخَذَهُمُ ٱلطُّوفَانُ وَهُمْ ظَٰلِمُونَ ﴿١٤﴾

15. At Aming iniligtas siya, gayundin ang kanyang mga Kasama sa Arko, at ginawa Namin ito (ang Arko) bilang isang tanda (aral) sa lahat ng mga nilalang!

فَأَنجَيْنَٰهُ وَأَصْحَٰبَ ٱلسَّفِينَةِ وَجَعَلْنَٰهَآ ءَايَةً لِّلْعَٰلَمِينَ ﴿١٥﴾

16. At (Aming isinugo) si Abraham; nang kanyang ipagbadya sa kaniyang pamayanan: "Sambahin (lamang) ninyo si Allah at Siya ay inyong pangambahan; ito ay higit na mainam sa inyo, kung kayo ay nakakaunawa!

وَإِبْرَٰهِيمَ إِذْ قَالَ لِقَوْمِهِ ٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ وَٱتَّقُوهُ ۖ ذَٰلِكُمْ خَيْرٌ لَّكُمْ إِن كُنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿١٦﴾

17. Sapagkat kayo ay sumasamba sa mga diyus-diyosan maliban pa kay Allah, at kayo ay nagsisigawa ng mga kasinungalingan. Katotohanan, ang mga bagay na sinasamba ninyo bukod pa kay Allah ay walang kapangyarihan upang bigyan kayo ng ikabubuhay, kaya't magsihanap kayo ng ikabubuhay mula kay Allah (lamang), at Siya (lamang) ang paglingkuran ninyo at magkaroon kayo ng utang na loob ng pasasalamat sa Kanya. (Tanging) Sa Kanya, kayong lahat ay magbabalik.

إِنَّمَا تَعْبُدُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ أَوْثَٰنًا وَتَخْلُقُونَ إِفْكًا ۚ إِنَّ ٱلَّذِينَ تَعْبُدُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ لَا يَمْلِكُونَ لَكُمْ رِزْقًا فَٱبْتَغُوا۟ عِندَ ٱللَّهِ ٱلرِّزْقَ وَٱعْبُدُوهُ وَٱشْكُرُوا۟ لَهُۥٓ ۖ إِلَيْهِ تُرْجَعُونَ ﴿١٧﴾

18. At kung kayo (O mga tao) ay magtakwil (sa kapahayagan), - noon pa man, ang mga bansa (henerasyon) na nauna pa sa inyo ay nagtakwil

وَإِن تُكَذِّبُوا۟ فَقَدْ كَذَّبَ أُمَمٌ مِّن قَبْلِكُمْ ۖ وَمَا عَلَى ٱلرَّسُولِ إِلَّا ٱلْبَلَٰغُ ٱلْمُبِينُ ﴿١٨﴾

na. At ang tungkulin ng isang Sugo ay mangaral lamang (ng Mensahe) nang maliwanag."

19. Hindi baga nila namamasdan kung paano pinasimulan ni Allah ang paglikha, at muling inuulit ito. Katotohanang ito ay magaan lamang kay Allah.

أَوَلَمْ يَرَوْا۟ كَيْفَ يُبْدِئُ ٱللَّهُ ٱلْخَلْقَ ثُمَّ يُعِيدُهُۥٓ ۚ إِنَّ ذَٰلِكَ عَلَى ٱللَّهِ يَسِيرٌ ﴿١٩﴾

20. Ipagbadya: "Magsipaglakbay kayo sa kalupaan at inyong malasin kung paano pinasimulan ni Allah ang paglikha, sa gayunding paraan Niya itatanghal ang muling paglikha sa Kabilang Buhay (alalaong baga, ang muling pagkabuhay pagkatapos ng kamatayan). Katotohanang si Allah ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay".

قُلْ سِيرُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ فَٱنظُرُوا۟ كَيْفَ بَدَأَ ٱلْخَلْقَ ثُمَّ ٱللَّهُ يُنشِئُ ٱلنَّشْأَةَ ٱلْـَٔاخِرَةَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿٢٠﴾

21. Kanyang parurusahan ang sinumang Kanyang maibigan at pagkakalooban Niya ng habag ang sinumang Kanyang naisin, at sa Kanya, kayo ay muling magbabalik.

يُعَذِّبُ مَن يَشَآءُ وَيَرْحَمُ مَن يَشَآءُ ۖ وَإِلَيْهِ تُقْلَبُونَ ﴿٢١﴾

22. At hindi kayo makapagdudulot ng kabiguan (kay Allah) dito sa lupa o roon sa langit (at hadlangan ang Kanyang balak). At wala na kayong iba pa maliban kay Allah na anumang *Wali* (Tagapagtanggol o Tagapagkupkop) o anumang katulong (o makakatulong).

وَمَآ أَنتُم بِمُعْجِزِينَ فِى ٱلْأَرْضِ وَلَا فِى ٱلسَّمَآءِ ۖ وَمَا لَكُم مِّن دُونِ ٱللَّهِ مِن وَلِىٍّ وَلَا نَصِيرٍ ﴿٢٢﴾

23. At sila na nagtatakwil sa *Ayat* (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral) ni Allah at sa Pakikipagtipan sa Kanya, sila ang nawalan ng pag-asa sa Aking Habag, at sa kanila ang pinakamalupit na Kaparusahan.

وَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ وَلِقَآئِهِۦٓ أُو۟لَٰٓئِكَ يَئِسُوا۟ مِن رَّحْمَتِى وَأُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٢٣﴾

24. Kaya't walang naging kasagutan ang kanyang pamayanan maliban lamang sa: "Patayin siya o sunugin siya." Kaya't iniligtas siya ni Allah sa Apoy. Katotohanan, naririto ang mga Tanda para sa mga tao na may pananalig.

فَمَا كَانَ جَوَابَ قَوْمِهِۦٓ إِلَّآ أَن قَالُوا۟ ٱقْتُلُوهُ أَوْ حَرِّقُوهُ فَأَنجَىٰهُ ٱللَّهُ مِنَ ٱلنَّارِ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَـَٔايَٰتٍ لِّقَوْمٍ يُؤْمِنُونَ ﴿٢٤﴾

25. At (si Abraham) ay nagbadya: "Inyo lamang tinangkilik (upang sambahin) bukod pa kay Allah ang mga diyus-diyosan bilang (isang bigkis) ng pagkagiliw sa lipon ninyo sa makamundong buhay na ito. Sa gayon, sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ay itatatwa ninyo ang bawat isa sa inyo at susumpain ninyo ang bawat

وَقَالَ إِنَّمَا ٱتَّخَذْتُم مِّن دُونِ ٱللَّهِ أَوْثَٰنًا مَّوَدَّةَ بَيْنِكُمْ فِى ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا ۖ ثُمَّ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ يَكْفُرُ بَعْضُكُم بِبَعْضٍ وَيَلْعَنُ بَعْضُكُم بَعْضًا وَمَأْوَىٰكُمُ

isa sa inyo, at ang inyong magiging tahanan ay Apoy, at walang sinuman ang makatutulong sa inyo."

اَلنَّارُ وَمَا لَكُم مِّن نَّٰصِرِينَ ﴿٢٥﴾

26. Kaya't si Lut ay nanalig sa kanya (sa mensahe ni Abraham, ang pagsampalataya sa Kaisahan ni Allah). Siya (Abraham) ay nagsabi: "Katotohanang ako ay mangingibang-bayan para sa kapakanan ng aking Panginoon (Allah). Katotohanang Siya ay Sukdol sa Kapangyarihan, ang Ganap na Maalam."

۞ فَـَٔامَنَ لَهُۥ لُوطٌ ۘ وَقَالَ إِنِّى مُهَاجِرٌ إِلَىٰ رَبِّىٓ ۖ إِنَّهُۥ هُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٢٦﴾

27. At iginawad Namin (kay Abraham) si Isaac at Hakob, at (Aming) itinakda sa kanyang mga lahi (supling) ang pagka-Propeta at Kapahayagan (alalaong baga, ang *Torah* [mga Batas] kay Moises, ang Ebanghelyo kay Hesus, at ang Qur'an kay Muhammad, lahat sila ay mula sa angkan ni Abraham), at ipinagkaloob Namin sa kanya ang kanyang gantimpala sa mundong ito, at katotohanang siya ay mapapabilang sa lipon ng mga matutuwid sa Kabilang Buhay.

وَوَهَبْنَا لَهُۥٓ إِسْحَٰقَ وَيَعْقُوبَ وَجَعَلْنَا فِى ذُرِّيَّتِهِ ٱلنُّبُوَّةَ وَٱلْكِتَٰبَ وَءَاتَيْنَٰهُ أَجْرَهُۥ فِى ٱلدُّنْيَا ۖ وَإِنَّهُۥ فِى ٱلْءَاخِرَةِ لَمِنَ ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿٢٧﴾

28. At (alalahanin) si Lut; nang kanyang sabihin sa kanyang mga tao: "Kayo ay nagsisigawa ng (gawang) kasuklam-suklam (ang sodomya, na isang malaking kasalanan), na wala pang sinuman sa buong santinakpan ang nakagawa nito nang una pa sa inyo".

وَلُوطًا إِذْ قَالَ لِقَوْمِهِۦٓ إِنَّكُمْ لَتَأْتُونَ ٱلْفَٰحِشَةَ مَا سَبَقَكُم بِهَا مِنْ أَحَدٍ مِّنَ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٢٨﴾

29. Katotohanan, inyong nilalapitan ang kalalakihan (sa pamamagitan ng sodomya), at inyong hinaharangan ang mga daan (at ninanakawan ang mga naglalakbay)! At inyong isinasagawa ang (bawat) *Al-Munkar* (mga kabuktutan, kawalan ng pananalig at pagsamba sa mga diyus-diyosan) sa inyong mga pagtitipon? Datapuwa't ang kanyang pamayanan ay hindi sumagot maliban lamang sa pagsasabi ng: "Ibagsak mo sa amin ang parusa ni Allah kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan."

أَئِنَّكُمْ لَتَأْتُونَ ٱلرِّجَالَ وَتَقْطَعُونَ ٱلسَّبِيلَ وَتَأْتُونَ فِى نَادِيكُمُ ٱلْمُنكَرَ ۖ فَمَا كَانَ جَوَابَ قَوْمِهِۦٓ إِلَّآ أَن قَالُوا۟ ٱئْتِنَا بِعَذَابِ ٱللَّهِ إِن كُنتَ مِنَ ٱلصَّٰدِقِينَ ﴿٢٩﴾

30. Siya ay nanikluhod: "O aking Panginoon! Inyong tulungan ako at bigyan ng tagumpay laban sa mga tao na *Mufsidun* (ang mga

قَالَ رَبِّ ٱنصُرْنِى عَلَى ٱلْقَوْمِ ٱلْمُفْسِدِينَ ﴿٣٠﴾

gumagawa ng matinding kasamaan at katiwalian, kasalanan, krimen; mga mapang-api, buktot, tampalasan)!"

وَلَمَّا جَآءَتْ رُسُلُنَآ إِبْرَٰهِيمَ بِٱلْبُشْرَىٰ قَالُوٓاْ إِنَّا مُهْلِكُوٓاْ أَهْلِ هَٰذِهِ ٱلْقَرْيَةِ إِنَّ أَهْلَهَا كَانُواْ ظَٰلِمِينَ ﴿٣١﴾

31. At nang ang Aming mga Sugo (mga anghel) ay pumaroon kay Abraham na may magandang balita, sila (ang mga anghel) ay nagsabi: "Tunay ngang aming wawasakin ang mga tao sa bayang ito ni Lut (alalaong baga, ang bayan ng Sodom sa Palestina); sapagkat katotohanang ang kanyang mga tao ay naging *Zalimun* (mapagsamba sa mga diyus-diyosan at mapaggawa ng kamalian)."

قَالَ إِنَّ فِيهَا لُوطًا ۚ قَالُواْ نَحْنُ أَعْلَمُ بِمَن فِيهَا ۖ لَنُنَجِّيَنَّهُۥ وَأَهْلَهُۥٓ إِلَّا ٱمْرَأَتَهُۥ كَانَتْ مِنَ ٱلْغَٰبِرِينَ ﴿٣٢﴾

32. At sinabi ni Abraham: "Subalit naroroon si Lut." Sila (ang mga anghel) ay nagsabi: "Lubos naming batid kung sino ang naroroon, katotohanang aming ililigtas siya (Lut) at ang kanyang pamilya maliban sa kanyang asawa; siya ay kabilang sa mga nagpaiwan (alalaong baga, ang asawa ni Lut ay mawawasak na kasama ng mga wawasakin sa kanyang pamayanan)!"

وَلَمَّآ أَن جَآءَتْ رُسُلُنَا لُوطًا سِىٓءَ بِهِمْ وَضَاقَ بِهِمْ ذَرْعًا وَقَالُواْ لَا تَخَفْ وَلَا تَحْزَنْ ۖ إِنَّا مُنَجُّوكَ وَأَهْلَكَ إِلَّا ٱمْرَأَتَكَ كَانَتْ مِنَ ٱلْغَٰبِرِينَ ﴿٣٣﴾

33. At nang ang Aming mga Sugo (mga anghel) ay dumatal kay Lut, siya ay naligalig para sa kanila at nakaramdam siya para sa kanila nang matinding pagkabahala (kawalan nang magagawa na mapangalagaan sila). At kanilang sinabi: "Huwag kang mangamba, gayundin, huwag kang mamighati! Katotohanang naririto kami upang iligtas ka at ang iyong pamilya maliban sa iyong asawa, siya ay kabilang sa mga nagpaiwan (alalaong baga, ang asawa ni Lut ay mawawasak na kasama ng mga wawasakin sa kanyang pamayanan)!

إِنَّا مُنزِلُونَ عَلَىٰٓ أَهْلِ هَٰذِهِ ٱلْقَرْيَةِ رِجْزًا مِّنَ ٱلسَّمَآءِ بِمَا كَانُواْ يَفْسُقُونَ ﴿٣٤﴾

34. Katotohanan, aming ibabagsak sa mga tao at bayang ito ang matinding kaparusahan mula sa kalangitan, sapagkat sila ay naging buktot sa pagsalansang (sa mga Pag-uutos ni Allah)."

وَلَقَد تَّرَكْنَا مِنْهَآ ءَايَةًۢ بَيِّنَةً لِّقَوْمٍ يَعْقِلُونَ ﴿٣٥﴾

35. At katiyakang nag-iwan Kami roon nang isang maliwanag na *Ayah* (isang aral at babala at tanda, ang lugar kung saan matatagpuan ang Patay na Dagat sa Palestina) para sa sinumang tao na may pang-unawa.

وَإِلَىٰ مَدْيَنَ أَخَاهُمْ شُعَيْبًا فَقَالَ يَا قَوْمِ اعْبُدُوا اللَّهَ وَارْجُوا الْيَوْمَ الْآخِرَ وَلَا تَعْثَوْا فِي الْأَرْضِ مُفْسِدِينَ ﴿٣٦﴾

36. At sa (mga tao) ng Madyan (Midian) ay isinugo Namin ang kanilang kapatid na si Shu'aib, at kanyang sinabi: "O aking pamayanan! Sambahin ninyo si Allah at umasa (sa gantimpala) ng Huling Araw, at huwag kayong magsigawa ng katampalasan dito sa kalupaan bilang mga nagnanais ng kabuktutan (kasamaan, kabuhungan; na ginagawa ng mga mapang-api at palasuway kay Allah)."

فَكَذَّبُوهُ فَأَخَذَتْهُمُ الرَّجْفَةُ فَأَصْبَحُوا فِي دَارِهِمْ جَاثِمِينَ ﴿٣٧﴾

37. Datapuwa't kanilang itinakwil siya (Shu'aib); kaya't ang malakas na lindol ay sumakmal sa kanila, at sila ay nakahandusay na wala ng buhay sa kanilang mga tahanan.

وَعَادًا وَثَمُودَ وَقَدْ تَبَيَّنَ لَكُمْ مِنْ مَسَاكِنِهِمْ وَزَيَّنَ لَهُمُ الشَّيْطَانُ أَعْمَالَهُمْ فَصَدَّهُمْ عَنِ السَّبِيلِ وَكَانُوا مُسْتَبْصِرِينَ ﴿٣٨﴾

38. At (winasak din Namin) ang (pamayanan ng) A'ad at Thamud! At katotohanan, (ang kanilang pagkawasak) ay maliwanag na nahayag sa inyo mula (sa mga bakas) ng kanilang mga gusali (pagkaguho ang kanilang kinasapitan). Ginawa ni Satanas na ang kanilang mga gawa ay maging kalugud-lugod sa kanila, at kanyang hinadlangan sila sa tamang Landas, (bagama't) sila ay ginawaran na makapaghinuha (mapagtimbang-timbang ang mga bagay-bagay).

وَقَارُونَ وَفِرْعَوْنَ وَهَامَانَ ۖ وَلَقَدْ جَاءَهُمْ مُوسَىٰ بِالْبَيِّنَاتِ فَاسْتَكْبَرُوا فِي الْأَرْضِ وَمَا كَانُوا سَابِقِينَ ﴿٣٩﴾

39. (At Amin ding winasak) si Qarun (Korah), Paraon at Haman. Katotohanang sa kanila ay isinugo si Moises na may Maliwanag na mga tanda (katibayan, kapahayagan, aral), [subali't] sila ay nag-asta ng may pagmamalaki sa kalupaan, datapuwa't hindi nila Kami matatakasan (alalaong baga, ang Aming kaparusahan).

فَكُلًّا أَخَذْنَا بِذَنبِهِ ۖ فَمِنْهُم مَّنْ أَرْسَلْنَا عَلَيْهِ حَاصِبًا وَمِنْهُم مَّنْ أَخَذَتْهُ الصَّيْحَةُ وَمِنْهُم مَّنْ خَسَفْنَا بِهِ الْأَرْضَ وَمِنْهُم مَّنْ أَغْرَقْنَا ۚ وَمَا كَانَ اللَّهُ لِيَظْلِمَهُمْ وَلَٰكِن كَانُوا أَنفُسَهُمْ يَظْلِمُونَ ﴿٤٠﴾

40. At ang bawat isa sa kanila ay Aming sinakmal sa kanilang kabuktutan; at kasama sa lipon nila ay yaong Aming pinaulanan ng bagyo ng mga bato (katulad nang nangyari sa mga tao ni Lut); ang iba ay nakupot ng (matinding) Pagsabog (katulad nang nangyari sa pamayanan ng Thamud o mga tao ni Shu'aib); at ang iba ay Aming hinayaan na lamunin ng lupa (katulad ni Korah); at ang iba ay Aming nilunod (katulad nang nangyari

sa mga tao ni Noah, Paraon at kanyang mga tao). Hindi si Allah ang nagpalungi sa kanila, datapuwa't sila ang nagpariwara sa kanilang sarili.

مَثَلُ ٱلَّذِينَ ٱتَّخَذُوا۟ مِن دُونِ ٱللَّهِ أَوْلِيَآءَ كَمَثَلِ ٱلْعَنكَبُوتِ ٱتَّخَذَتْ بَيْتًا ۖ وَإِنَّ أَوْهَنَ ٱلْبُيُوتِ لَبَيْتُ ٱلْعَنكَبُوتِ ۖ لَوْ كَانُوا۟ يَعْلَمُونَ ﴿٤١﴾

41. Ang kahalintulad niyaong mga kumukuha ng *Auliya* (mga tagapangalaga, kawaksi, katulong, kakampi) maliban pa kay Allah ay tulad ng isang Gagamba na gumagawa ng (kanyang) bahay; at katotohanan, ang pinakamarupok sa lahat ng mga bahay ay ang bahay ng gagamba kung kanila lamang itong napag-uunawa.

إِنَّ ٱللَّهَ يَعْلَمُ مَا يَدْعُونَ مِن دُونِهِۦ مِن شَىْءٍ ۚ وَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٤٢﴾

42. Katotohanang talastas ni Allah ang (lahat ng bagay) na kanilang tinatawagan bukod pa sa Kanya. At Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

وَتِلْكَ ٱلْأَمْثَالُ نَضْرِبُهَا لِلنَّاسِ ۖ وَمَا يَعْقِلُهَآ إِلَّا ٱلْعَٰلِمُونَ ﴿٤٣﴾

43. At ang ganitong mga halimbawa (paghahambing) ay Aming inihantad sa mga tao, datapuwa't walang makatutukoy ng kanilang kahulugan maliban lamang sa may karunungan (tungkol kay Allah at sa Kanyang mga Tanda).

خَلَقَ ٱللَّهُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ بِٱلْحَقِّ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَةً لِّلْمُؤْمِنِينَ ﴿٤٤﴾

44. Tanging si Allah lamang ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan ng may katotohanan (at walang sinuman ang kahati Niya sa Kanyang paglikha)". Katotohanan! Tunay ngang naririto ang isang Tanda sa mga sumasampalataya.

ٱتْلُ مَآ أُوحِىَ إِلَيْكَ مِنَ ٱلْكِتَٰبِ وَأَقِمِ ٱلصَّلَوٰةَ ۖ إِنَّ ٱلصَّلَوٰةَ تَنْهَىٰ عَنِ ٱلْفَحْشَآءِ وَٱلْمُنكَرِ ۗ وَلَذِكْرُ ٱللَّهِ أَكْبَرُ ۗ وَٱللَّهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ ﴿٤٥﴾

45. Dalitin mo (O Muhammad) ang ipinahayag sa iyo sa Aklat (ang Qur'an), at magsagawa ka ng *Salah* (ang takdang pagdarasal nang mahinusay). Katotohanan, ang (tunay na) pagdarasal ay nakapipigil sa paggawa ng kasuklam-suklam (mga kahiya-hiya) at masamang gawa (lahat ng uri ng gawa na ipinagbabawal), at ang pag-aala-ala (at pagluwalhati) kay Allah ay pinakamahalagang gawain. At si Allah ang nakakaalam sa inyong ginagawa.

46. At huwag kayong makipagtalo sa Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) maliban lamang sa mabuting paraan (may magandang pananalita at mabuting asal na nag-aanyaya sa kanila sa pagsampalataya sa Kaisahan ni Allah, at sa Kanyang mga Talata), tangi na lamang sa mga tao sa lipon nila na gumagawa ng kamalian, inyong sabihin sa kanila: "Kami ay sumasampalataya sa Kapahayagan na ipinarating sa amin at sa kapahayagan na ipinadala sa inyo; ang aming Diyos at inyong Diyos ay Iisa (alalaong baga, si Allah); at kami ay sa Kanya lamang tumatalima (bilang mga Muslim)."

۞ وَلَا تُجَٰدِلُوٓاْ أَهۡلَ ٱلۡكِتَٰبِ إِلَّا بِٱلَّتِي هِيَ أَحۡسَنُ إِلَّا ٱلَّذِينَ ظَلَمُواْ مِنۡهُمۡۖ وَقُولُوٓاْ ءَامَنَّا بِٱلَّذِيٓ أُنزِلَ إِلَيۡنَا وَأُنزِلَ إِلَيۡكُمۡ وَإِلَٰهُنَا وَإِلَٰهُكُمۡ وَٰحِدٞ وَنَحۡنُ لَهُۥ مُسۡلِمُونَ ٤٦

47. Kaya't Aming ipinanaog ang Aklat (ang Qur'an) sa iyo (O Muhammad), at sila na pinagpahayagan Namin ng Kasulatan (ang *Torah* [mga Batas] at Ebanghelyo noong panahong nauna) ay nananalig dito (sa Qur'an); at gayundin, kabilang sa kanila (mga paganong Arabo) ang naniniwala rito, at walang nagtatakwil sa Aming *Ayat* (mga tanda, aral, kapahayagan, katibayan) maliban lamang sa mga walang pananampalataya.

وَكَذَٰلِكَ أَنزَلۡنَآ إِلَيۡكَ ٱلۡكِتَٰبَۚ فَٱلَّذِينَ ءَاتَيۡنَٰهُمُ ٱلۡكِتَٰبَ يُؤۡمِنُونَ بِهِۦۖ وَمِنۡ هَٰٓؤُلَآءِ مَن يُؤۡمِنُ بِهِۦۚ وَمَا يَجۡحَدُ بِـَٔايَٰتِنَآ إِلَّا ٱلۡكَٰفِرُونَ ٤٧

48. At ikaw (O Muhammad) ay hindi pa nakabasa ng Aklat na una pa rito (sa Qur'an), gayundin naman, ikaw ay hindi rin sumulat ng anumang aklat sa iyong kanang kamay. Sa gayong pangyayari, katotohanan, ang mga tagasunod ng kasinungalingan ay nag-aalinlangan (sa Qur'an).

وَمَا كُنتَ تَتۡلُواْ مِن قَبۡلِهِۦ مِن كِتَٰبٖ وَلَا تَخُطُّهُۥ بِيَمِينِكَۖ إِذٗا لَّٱرۡتَابَ ٱلۡمُبۡطِلُونَ ٤٨

49. Datapuwa't ito (ang Qur'an) ay (naglalaman nang) maliwanag na talata (o katibayan) na nakatimo sa loob ng dibdib niyaong mga nabigyan ng Karunungan (ang mga nananampalataya na kanilang naisaulo ang Qur'an). At wala ng iba pa maliban sa *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, mapaggawa ng kamalian) ang nagtatakwil sa Aming mga *Ayat* (Talata ng Qur'an).

بَلۡ هُوَ ءَايَٰتُۢ بَيِّنَٰتٞ فِي صُدُورِ ٱلَّذِينَ أُوتُواْ ٱلۡعِلۡمَۚ وَمَا يَجۡحَدُ بِـَٔايَٰتِنَآ إِلَّا ٱلظَّٰلِمُونَ ٤٩

50. At sila ay nagsasabi: "Bakit kaya ang mga Tanda (na katulad ng ibinigay sa mga Sugo) ay

وَقَالُواْ لَوۡلَآ أُنزِلَ عَلَيۡهِ ءَايَٰتٞ مِّن رَّبِّهِۦۖ

hindi ipinanaog sa kanya mula sa kanyang Panginoon?" Ipagbadya: "Katotohanang ang mga Tanda ay nasa kay Allah lamang at ako ay isa lamang hayag na tagapagbabala."

قُلْ إِنَّمَا ٱلْءَايَٰتُ عِندَ ٱللَّهِ وَإِنَّمَآ أَنَا۠ نَذِيرٌ مُّبِينٌ ﴿٥٠﴾

51. Hindi baga sapat para sa kanila na Aming ipinanaog sa iyo ang Aklat (ang Qur'an) na dinadalit sa harapan nila? Katotohanang (sa Aklat na ito) ay naroroon ang Habag at Paala-ala (mga tagubilin) sa mga tao na sumasampalataya.

أَوَلَمْ يَكْفِهِمْ أَنَّآ أَنزَلْنَا عَلَيْكَ ٱلْكِتَٰبَ يُتْلَىٰ عَلَيْهِمْ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَرَحْمَةً وَذِكْرَىٰ لِقَوْمٍ يُؤْمِنُونَ ﴿٥١﴾

52. Ipagbadya (mo sa kanila, O Muhammad): "Sapat na si Allah bilang isang Saksi sa pagitan natin. Talastas Niya kung ano ang nasa kalangitan at kalupaan." At sila na nananalig sa mga huwad na diyos (bukod pa kay Allah) at nagtakwil kay Allah, sila ang mga talunan.

قُلْ كَفَىٰ بِٱللَّهِ بَيْنِى وَبَيْنَكُمْ شَهِيدًا ۖ يَعْلَمُ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۗ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ بِٱلْبَٰطِلِ وَكَفَرُوا۟ بِٱللَّهِ أُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْخَٰسِرُونَ ﴿٥٢﴾

53. At kanilang itinatanong sa iyo na madaliin ang kaparusahan (sa kanila), at kung hindi lamang sa natatakdaang panahon ang kaparusahan ay walang pagsala na dumatal na sa kanila. At katotohanang ito ay daratal sa kanila nang walang kaabug-abog at sa panahong hindi nila napag-aakala!

وَيَسْتَعْجِلُونَكَ بِٱلْعَذَابِ وَلَوْلَآ أَجَلٌ مُّسَمًّى لَّجَآءَهُمُ ٱلْعَذَابُ ۚ وَلَيَأْتِيَنَّهُم بَغْتَةً وَهُمْ لَا يَشْعُرُونَ ﴿٥٣﴾

54. At kanilang itinatanong sa iyo na madaliin ang kaparusahan; datapuwa't walang pagsala, ang Impiyerno ay lulukob sa mga nagtatakwil ng pananampalataya!

يَسْتَعْجِلُونَكَ بِٱلْعَذَابِ وَإِنَّ جَهَنَّمَ لَمُحِيطَةٌۢ بِٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٥٤﴾

55. Sa Araw na ang kaparusahan (Apoy ng Impiyerno) ay lulukob sa ibabaw nila at sa ilalim ng kanilang mga paa, at sa kanila ay ipagbabadya: "Lasapin ninyo ang inyong mga gawa!"

يَوْمَ يَغْشَىٰهُمُ ٱلْعَذَابُ مِن فَوْقِهِمْ وَمِن تَحْتِ أَرْجُلِهِمْ وَيَقُولُ ذُوقُوا۟ مَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٥٥﴾

56. O Aking mga alipin na nananampalataya! Katotohanang malawak ang Aking Kalupaan, kaya't Ako lamang ang inyong sambahin!

يَٰعِبَادِىَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِنَّ أَرْضِى وَٰسِعَةٌ فَإِيَّٰىَ فَٱعْبُدُونِ ﴿٥٦﴾

57. Ang bawat (nilikha na) may buhay ay makakalasap ng kamatayan, at pagkatapos, kayong lahat ay muling ibabalik sa Akin.

كُلُّ نَفْسٍ ذَآئِقَةُ ٱلْمَوْتِ ۖ ثُمَّ إِلَيْنَا تُرْجَعُونَ ﴿٥٧﴾

58. At ang mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at gumagawa ng kabutihan, katiyakang

وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ لَنُبَوِّئَنَّهُم

sa kanila ay itatakda Namin mula sa Paraiso ang (nakaangat o nakataas) na mga silid (lagusan) na sa ibaba nito ay may mga ilog na nagsisidaloy, dito sila ay maninirahan magpakailanman. Tunay na mainam ang gantimpala ng mga (matutuwid) na nagsisigawa (ng kabutihan)!

مِّنَ ٱلْجَنَّةِ غُرَفًا تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَا ۚ نِعْمَ أَجْرُ ٱلْعَٰمِلِينَ ﴿٥٨﴾

59. (Sila yaong) naging matimtiman (sa pagtitiyaga) at nagtitiwala (lamang) sa kanilang Panginoon.

ٱلَّذِينَ صَبَرُوا۟ وَعَلَىٰ رَبِّهِمْ يَتَوَكَّلُونَ ﴿٥٩﴾

60. At gaano karami sa mga gumagalaw (nabubuhay) na nilikha ang nagdadala (sa kanilang sarili) ng ikabubuhay? Si Allah ang nagkakaloob nito sa kanila at sa inyo, at Siya ang Lubos na Nakakarinig at Ganap na Maalam.

وَكَأَيِّن مِّن دَآبَّةٍ لَّا تَحْمِلُ رِزْقَهَا ٱللَّهُ يَرْزُقُهَا وَإِيَّاكُمْ ۖ وَهُوَ ٱلسَّمِيعُ ٱلْعَلِيمُ ﴿٦٠﴾

61. At kung sila ay iyong tatanungin kung sino ang lumikha ng mga kalangitan at kalupaan at namamahala sa (pagpapainog) ng araw at buwan, katiyakang sila ay magsasabi: "Si Allah!" Kung gayon, paano sila napaligaw (sa katotohanan, sa pagiging mapagsamba sa mga diyus-diyosan at kawalan ng pananampalataya)?

وَلَئِن سَأَلْتَهُم مَّنْ خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ وَسَخَّرَ ٱلشَّمْسَ وَٱلْقَمَرَ لَيَقُولُنَّ ٱللَّهُ ۖ فَأَنَّىٰ يُؤْفَكُونَ ﴿٦١﴾

62. Si Allah ang nagpapaabot (naghahayo) ng mga panustos (na kabuhayan) sa sinumang Kanyang maibigan sa Kanyang mga alipin, at nagpapakipot (nagpapaliit) nito (sa sinumang Kanyang maibigan). Katotohanang nababatid ni Allah ang lahat ng bagay.

ٱللَّهُ يَبْسُطُ ٱلرِّزْقَ لِمَن يَشَآءُ مِنْ عِبَادِهِۦ وَيَقْدِرُ لَهُۥٓ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ بِكُلِّ شَىْءٍ عَلِيمٌ ﴿٦٢﴾

63. At katotohanang kung sila ay iyong tatanungin kung sino ang nagpapamalisbis ng tubig (ulan) mula sa alapaap; at sa pamamagitan nito, Kanyang binubuhay ang kalupaan pagkatapos nang pagiging tuyo (tigang) nito; katiyakang sila ay magsasabi: "Si Allah!" Ipagbadya: "Ang lahat nang pagpupuri ay kay Allah!" Datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi nakakaunawa.

وَلَئِن سَأَلْتَهُم مَّن نَّزَّلَ مِنَ ٱلسَّمَآءِ مَآءً فَأَحْيَا بِهِ ٱلْأَرْضَ مِنۢ بَعْدِ مَوْتِهَا لَيَقُولُنَّ ٱللَّهُ ۚ قُلِ ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ ۚ بَلْ أَكْثَرُهُمْ لَا يَعْقِلُونَ ﴿٦٣﴾

64. At ang makamundong buhay na ito ay wala ng iba maliban sa paglilibang at pagsasaya? At katotohanan, ang (buhay sa) Kabilang Buhay

وَمَا هَٰذِهِ ٱلْحَيَوٰةُ ٱلدُّنْيَآ إِلَّا لَهْوٌ وَلَعِبٌ ۚ وَإِنَّ ٱلدَّارَ ٱلْءَاخِرَةَ لَهِىَ ٱلْحَيَوَانُ ۚ لَوْ

ang tunay na buhay (alalaong baga, ang walang hanggang-buhay na hindi magmamaliw) kung kanila lamang nalalaman.

كَانُوا۟ يَعْلَمُونَ ﴿٦٤﴾

65. At kung sila ay nakasakay sa barko, sila ay naninikluhod kay Allah, na (sila) ay matapat sa Kanya sa pananampalataya (alalaong baga, sa pananalig at pag-asa). Datapuwa't kung sila ay maisadsad na Niya nang ligtas (sa tuyong) lupa, (pagmasdan), kapagkara, sila ay nag-aakibat ng iba pang (mga diyos) sa Kanya!

فَإِذَا رَكِبُوا۟ فِى ٱلْفُلْكِ دَعَوُا۟ ٱللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ ٱلدِّينَ فَلَمَّا نَجَّىٰهُمْ إِلَى ٱلْبَرِّ إِذَا هُمْ يُشْرِكُونَ ﴿٦٥﴾

66. Upang kanilang maitatwa ang anumang (biyaya) na Aming ipinagkaloob sa kanila, at sila ay nagpapakasaya sa kanilang sarili (sa paglilibang)! Datapuwa't (hindi magtatagal), ito ay kanilang mapag-aalaman.

لِيَكْفُرُوا۟ بِمَآ ءَاتَيْنَٰهُمْ وَلِيَتَمَتَّعُوا۟ ۖ فَسَوْفَ يَعْلَمُونَ ﴿٦٦﴾

67. Hindi baga nila namamalas na ginawa Namin (ang Makkah) na isang ligtas na Santuwaryo, habang ang mga tao ay inilalayo (alalaong baga, pinapatay o ginagawang bihag) sa buong palibot nila? Kung gayon, sila baga ay naniniwala sa mga huwad na diyos (bukod pa kay Allah) at nagtatakwil (walang damdamin ng pasasalamat) sa mga Biyaya ni Allah?

أَوَلَمْ يَرَوْا۟ أَنَّا جَعَلْنَا حَرَمًا ءَامِنًا وَيُتَخَطَّفُ ٱلنَّاسُ مِنْ حَوْلِهِمْ ۚ أَفَبِٱلْبَٰطِلِ يُؤْمِنُونَ وَبِنِعْمَةِ ٱللَّهِ يَكْفُرُونَ ﴿٦٧﴾

68. At sino pa kaya ang higit na gumagawa ng kamalian maliban sa kanya na kumakatha ng mga kasinungalingan tungkol kay Allah o nagtatakwil sa Katotohanan (ang pagka-Propeta ni Muhammad, ang pananampalataya sa Kaisahan ni Allah at ang Qur'an) nang ito ay sumapit sa kanya? Hindi baga sa (loob) ng Impiyerno ang isang (sapat) na tirahan para sa mga hindi nananampalataya?

وَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّنِ ٱفْتَرَىٰ عَلَى ٱللَّهِ كَذِبًا أَوْ كَذَّبَ بِٱلْحَقِّ لَمَّا جَآءَهُۥ ۚ أَلَيْسَ فِى جَهَنَّمَ مَثْوًى لِّلْكَٰفِرِينَ ﴿٦٨﴾

69. At sila na nagpupunyagi (nakikibaka) sa Aming Kapakanan, katiyakan, sila ay gagabayan Namin tungo sa Aming Landas; sapagkat katotohanang si Allah ay kasama (kakampi) ng mga gumagawa ng kabutihan at katuwiran.

وَٱلَّذِينَ جَٰهَدُوا۟ فِينَا لَنَهْدِيَنَّهُمْ سُبُلَنَا ۚ وَإِنَّ ٱللَّهَ لَمَعَ ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿٦٩﴾

سُورَةُ الرُّومِ

Surah 30

Surat Ar-Rum
(Ang Mga Romano)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

الٓمٓ ﴿١﴾

1. Alif, Lam, Mim. (Mga titik A, La, Ma. Ito ay isa sa mga milagro ng Qur'an at tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

غُلِبَتِ ٱلرُّومُ ﴿٢﴾

2. Ang mga Romano ay nalupig,

فِيٓ أَدۡنَى ٱلۡأَرۡضِ وَهُم مِّنۢ بَعۡدِ غَلَبِهِمۡ سَيَغۡلِبُونَ ﴿٣﴾

3. Sa malalapit na lupain (sa Syria, Iraq, Jordan at Palestina), datapuwa't sila, matapos ang pagkatalo ay makakabawi -

فِي بِضۡعِ سِنِينَۗ لِلَّهِ ٱلۡأَمۡرُ مِن قَبۡلُ وَمِنۢ بَعۡدُۚ وَيَوۡمَئِذٖ يَفۡرَحُ ٱلۡمُؤۡمِنُونَ ﴿٤﴾

4. Sa loob ng ilang taon (mula tatlo hanggang siyam na taon). Kay Allah ang pag-aangkin ng pag-uutos (alalaong baga, ang pagtatakda), bago at matapos (ang gayong mga pangyayari). At sa Araw na yaon, ang mga sumasampalataya ay magagalak (sa tagumpay na iginawad ni Allah sa mga Romano laban sa mga Persiano),

بِنَصۡرِ ٱللَّهِۚ يَنصُرُ مَن يَشَآءُۖ وَهُوَ ٱلۡعَزِيزُ ٱلرَّحِيمُ ﴿٥﴾

5. Sa pamamagitan ng tulong ni Allah, Siya ang nagkakaloob ng tagumpay sa sinumang Kanyang maibigan, at Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Pinakamaawain.

وَعۡدَ ٱللَّهِۖ لَا يُخۡلِفُ ٱللَّهُ وَعۡدَهُۥ وَلَٰكِنَّ أَكۡثَرَ ٱلنَّاسِ لَا يَعۡلَمُونَ ﴿٦﴾

6. (Ito ang) pangako ni Allah, si Allah ay hindi kailanman sumisira sa Kanyang Pangako, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay hindi nakakaunawa.

يَعۡلَمُونَ ظَٰهِرٗا مِّنَ ٱلۡحَيَوٰةِ ٱلدُّنۡيَا وَهُمۡ عَنِ ٱلۡأٓخِرَةِ هُمۡ غَٰفِلُونَ ﴿٧﴾

7. Batid lamang nila ang panglabas na anyo ng buhay sa mundong ito (alalaong baga, katulad ng kanilang ikabubuhay, pagtatanim at pag-aani), datapuwa't kung tungkol sa Kabilang Buhay, sila ay nagpapabaya.

أَوَلَمۡ يَتَفَكَّرُواْ فِيٓ أَنفُسِهِمۡۗ مَّا خَلَقَ ٱللَّهُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلۡأَرۡضَ وَمَا بَيۡنَهُمَآ إِلَّا بِٱلۡحَقِّ

8. Hindi baga sila matiim na nagmumuni-muni tungkol sa kanilang sarili (kung paano sila nilikha ni Allah mula sa wala, at gayundin na

sila ay Kanyang ibabangong muli sa pagkabuhay)? Hindi nilikha ni Allah ang kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito maliban lamang sa katotohanan at sa natatakdaang araw. At katotohanan, ang karamihan sa mga tao ay nagtatatwa sa pakikipagtipan nila sa kanilang Panginoon (sa Araw ng Muling Pagkabuhay)!

وَأَجَلٍ مُّسَمًّى ۗ وَإِنَّ كَثِيرًا مِّنَ ٱلنَّاسِ بِلِقَآئِ رَبِّهِمْ لَكَٰفِرُونَ ﴿٨﴾

9. Hindi baga sila naglalakbay sa kalupaan at napagmamalas ang kinasapitan ng mga nangauna sa kanila? Sila ay higit na malakas sa kanila sa kapangyarihan; at kanilang sinuyod (o binungkal) ang lupa at kanilang itinayo rito ang maraming (pamahayan) nang higit (na marami) sa naitayo nila (ang mga paganong taga-Makkah), at dumatal sa kanila ang kanilang mga Sugo na may maliliwanag na katibayan. At si Allah ay hindi kailanman nagtulak sa kanila sa kamalian, datapuwa't sila ang nagbigay-kamalian sa kanilang sarili.

أَوَلَمْ يَسِيرُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ فَيَنظُرُوا۟ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ ۚ كَانُوٓا۟ أَشَدَّ مِنْهُمْ قُوَّةً وَأَثَارُوا۟ ٱلْأَرْضَ وَعَمَرُوهَآ أَكْثَرَ مِمَّا عَمَرُوهَا وَجَآءَتْهُمْ رُسُلُهُم بِٱلْبَيِّنَٰتِ ۖ فَمَا كَانَ ٱللَّهُ لِيَظْلِمَهُمْ وَلَٰكِن كَانُوٓا۟ أَنفُسَهُمْ يَظْلِمُونَ ﴿٩﴾

10. Kaya't ang naging wakas niyaong mga gumawa ng kabuktutan ay ang pinakamasamang (kinasapitan), sapagkat itinakwil nila ang *Ayat* (mga tanda, kapahayagan, aral, katibayan, mga Sugo) ni Allah at nakahiratihan (nila) na kutyain sila.

ثُمَّ كَانَ عَٰقِبَةَ ٱلَّذِينَ أَسَٰٓـُٔوا۟ ٱلسُّوٓأَىٰٓ أَن كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ وَكَانُوا۟ بِهَا يَسْتَهْزِءُونَ ﴿١٠﴾

11. Si Allah (lamang ang Tangi) na nagpasimula ng paglikha; at Kanyang uulitin ito; at kayo sa Kanya ay muling magbabalik.

ٱللَّهُ يَبْدَؤُا۟ ٱلْخَلْقَ ثُمَّ يُعِيدُهُۥ ثُمَّ إِلَيْهِ تُرْجَعُونَ ﴿١١﴾

12. At sa Araw na ang (Huling) Oras ay malalantad, ang *Mujrimun* (mga kriminal, tampalasan, walang pananampalataya, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, buktot, buhong) ay mapapasakalagayan ng kawalan ng pag-asa.

وَيَوْمَ تَقُومُ ٱلسَّاعَةُ يُبْلِسُ ٱلْمُجْرِمُونَ ﴿١٢﴾

13. At walang sinuman (o anuman) mula sa lipon ng kanilang (sinasapantahang) mga katambal ang kanilang magiging tagapamagitan (alalaong baga, mga diyus-diyosan na ginawa nilang kahati sa pagsamba kay Allah), at sila (rin) ay magtatakwil sa (mga diyus-diyosan na) kanilang itinatambal kay Allah.

وَلَمْ يَكُن لَّهُم مِّن شُرَكَآئِهِمْ شُفَعَٰٓؤُا۟ وَكَانُوا۟ بِشُرَكَآئِهِمْ كَٰفِرِينَ ﴿١٣﴾

14. At sa Araw na ang (Huling) Oras ay

وَيَوْمَ تَقُومُ ٱلسَّاعَةُ يَوْمَئِذٍ يَتَفَرَّقُونَ ﴿١٤﴾

daratal, - sa Araw na yaon ang lahat ng mga tao ay pagbubukud-bukurin (alalaong baga, ang mga sumasampalataya ay ihihiwalay sa mga hindi sumasampalataya).

فَأَمَّا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ فَهُمْ فِى رَوْضَةٍ يُحْبَرُونَ ﴿١٥﴾

15. At sila na nagsisampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at nagsigawa ng mga kabutihan, sila ay mapapasakalagayan (ng buhay) sa Halamanan (ng Paraiso) na nagagalak.

وَأَمَّا ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَكَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا وَلِقَآءِ ٱلْـَٔاخِرَةِ فَأُو۟لَٰٓئِكَ فِى ٱلْعَذَابِ مُحْضَرُونَ ﴿١٦﴾

16. At sila na nagtakwil sa pananampalataya at nagpasinungaling sa Aming *Ayat* (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, mga Sugo) at sa Muling Pagkabuhay sa Kabilang Buhay; sila ang dadalhin sa kaparusahan ng Impiyerno.

فَسُبْحَٰنَ ٱللَّهِ حِينَ تُمْسُونَ وَحِينَ تُصْبِحُونَ ﴿١٧﴾

17. Kaya't luwalhatiin si Allah (O mga sumasampalataya) kung kayo ay sumapit na ng dilim (alalaong baga, ang pag-aalay ng *Salah* [takdang pagdarasal] sa oras ng *Maghrib* [takipsilim]), at kung kayo ay sumapit na sa umaga (alalaong baga, ang pag-aalay ng *Salah* sa oras ng *Fajr* [pagbubukang-liwayway]).

وَلَهُ ٱلْحَمْدُ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَعَشِيًّا وَحِينَ تُظْهِرُونَ ﴿١٨﴾

18. Tunay nga, sa Kanya ang lahat ng mga pagpupuri at pasasalamat sa kalangitan at kalupaan; at (kapuri-puri Siya) sa gabi (alalaong baga, ang pag-aalay ng *Salah* [takdang panalangin] sa oras ng *Isha* [gabi]), at kung kayo (ay sumapit na ng lagpas) sa katanghalian (alalaong baga, ang pag-aalay ng *Salah* [takdang panalangin] sa oras ng *Dhuhr* [tanghali]).

يُخْرِجُ ٱلْحَىَّ مِنَ ٱلْمَيِّتِ وَيُخْرِجُ ٱلْمَيِّتَ مِنَ ٱلْحَىِّ وَيُحْىِ ٱلْأَرْضَ بَعْدَ مَوْتِهَا ۚ وَكَذَٰلِكَ تُخْرَجُونَ ﴿١٩﴾

19. Siya (Allah) ang nagdadala (naglalabas) sa nabubuhay mula sa patay at (Siya) ang nagdadala (naglalabas) sa patay mula sa nabubuhay, at Siya ang nagpapanumbalik (sa pagkabuhay) sa kalupaan mula sa kamatayan (pagkatigang). At samakatuwid, sa gayunding (paraan) kayo ay muling ibabangon (mula sa mga patay).

وَمِنْ ءَايَٰتِهِۦٓ أَنْ خَلَقَكُم مِّن تُرَابٍ ثُمَّ إِذَآ أَنتُم بَشَرٌ تَنتَشِرُونَ ﴿٢٠﴾

20. At kabilang sa Kanyang mga Tanda; na kayo ay nilikha Niya mula sa alabok; at pagkaraan, kayo ay naging mga tao na nagsisipangalat!

وَمِنْ ءَايَٰتِهِۦٓ أَنْ خَلَقَ لَكُم مِّنْ أَنفُسِكُمْ أَزْوَٰجًا لِّتَسْكُنُوٓا۟ إِلَيْهَا وَجَعَلَ بَيْنَكُم مَّوَدَّةً وَرَحْمَةً ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَـَٔايَٰتٍ لِّقَوْمٍ

21. At kabilang sa Kanyang mga Tanda; na nilikha Niya para sa inyo ang inyong mga kabiyak (asawa) mula sa inyong sarili, upang inyong madama ang katahimikan sa kanila, at

inilagay Niya sa inyong puso ang pag-ibig at awa sa isa't isa. Katotohanang naririto ang mga Tanda sa mga tao na may matiim na pagmumuni-muni.

يَتَفَكَّرُونَ ﴿٢١﴾

22. At kabilang sa Kanyang mga Tanda ay ang pagkalikha ng kalangitan at kalupaan, at ang pagkakaiba-iba ng inyong mga wika at kulay. Katotohanang naririto ang mga Tanda sa mga tao na may karununggan (sa katotohanan).

وَمِنْ ءَايَٰتِهِۦ خَلْقُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَٱخْتِلَٰفُ أَلْسِنَتِكُمْ وَأَلْوَٰنِكُمْ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَٰتٍ لِّلْعَٰلِمِينَ ﴿٢٢﴾

23. At kabilang sa Kanyang mga Tanda ay ang inyong pagtulog sa gabi at ang inyong paghahanap ng Kanyang mga Biyaya sa araw. Katotohanang naririto ang mga Tanda sa mga tao na nakikinig (sa mga tagubilin ni Allah).

وَمِنْ ءَايَٰتِهِۦ مَنَامُكُم بِٱلَّيْلِ وَٱلنَّهَارِ وَٱبْتِغَآؤُكُم مِّن فَضْلِهِۦٓ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَٰتٍ لِّقَوْمٍ يَسْمَعُونَ ﴿٢٣﴾

24. At kabilang sa Kanyang mga Tanda ay ang pagpapamalas Niya sa inyo ng kidlat, ng may pagkatakot at pag-asa, at pinamamalisbis Niya ang tubig (ulan) mula sa alapaap at sa pamamagitan nito, ito ay nagbibigay ng buhay sa kalupaan matapos na maging tigang. Katotohanang naririto ang mga Tanda sa mga tao na may pang-unawa.

وَمِنْ ءَايَٰتِهِۦ يُرِيكُمُ ٱلْبَرْقَ خَوْفًا وَطَمَعًا وَيُنَزِّلُ مِنَ ٱلسَّمَآءِ مَآءً فَيُحْىِۦ بِهِ ٱلْأَرْضَ بَعْدَ مَوْتِهَآ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَٰتٍ لِّقَوْمٍ يَعْقِلُونَ ﴿٢٤﴾

25. At kabilang sa Kanyang mga Tanda ay ang pananatili (ng kinalalagyan) ng kalangitan at kalupaan sa Kanyang Pag-uutos; kaya't kung kayo ay Kanyang tawagin ng (isang) tawag mula sa kalupaan, kapagkaraka, kayo ay magsisibangon mula sa inyong libingan (tungo sa pagsusulit at kabayaran).

وَمِنْ ءَايَٰتِهِۦٓ أَن تَقُومَ ٱلسَّمَآءُ وَٱلْأَرْضُ بِأَمْرِهِۦ ۚ ثُمَّ إِذَا دَعَاكُمْ دَعْوَةً مِّنَ ٱلْأَرْضِ إِذَآ أَنتُمْ تَخْرُجُونَ ﴿٢٥﴾

26. At sa Kanya ang pag-aangkin sa lahat ng nasa kalangitan at kalupaan; at ang lahat ay tumatalima sa Kanya.

وَلَهُۥ مَن فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ كُلٌّ لَّهُۥ قَٰنِتُونَ ﴿٢٦﴾

27. Siya ang Tangi na nagpasimula sa paglikha, at magpapanumbalik nito (muling paglikha matapos na ito ay maglaho); at ito ay lubhang magaan sa Kanya. At sa Kanya ang pag-aangkin ng pinakamataas na paglalarawan (alalaong baga, ang Kanyang mga katangian na walang sinuman o anuman ang maitutulad sa Kanya) sa kalangitan at kalupaan. At Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karununggan.

وَهُوَ ٱلَّذِى يَبْدَؤُا۟ ٱلْخَلْقَ ثُمَّ يُعِيدُهُۥ وَهُوَ أَهْوَنُ عَلَيْهِ ۚ وَلَهُ ٱلْمَثَلُ ٱلْأَعْلَىٰ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ وَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٢٧﴾

28. Kanyang itinanghal ang isang halimbawa

ضَرَبَ لَكُم مَّثَلًا مِّنْ أَنفُسِكُمْ ۖ هَل لَّكُم مِّن مَّا

(paghahambing) mula sa inyong sarili (O mga walang pananampalataya). Mayroon ba kayong mga kasosyo (kahati) mula sa angkin ng inyong mga kamay (alalaong baga, mga alipin) na magiging kahati sa kayamanan na ipinagkaloob Namin sa inyo at kayo rito ay magkapantay? Sila (ang mga alipin) na inyong pinangangambahan ay katulad ba ng inyong (ang mga malaya o amo) pangangamba sa isa't isa? Samakatuwid, sa gayon Namin ipinapaliwanag ang mga Tanda sa mga tao na may pang-unawa. [Alalaong baga, paano kayo nag-akibat sa Amin ng mga katambal na Aming nilikha, gayong kayo sa inyong sarili ay hindi tatanggap ng mga katambal ninyo mula sa inyong mga alipin?].

مَلَكَتْ أَيْمَٰنُكُم مِّن شُرَكَآءَ فِى مَا رَزَقْنَٰكُمْ فَأَنتُمْ فِيهِ سَوَآءٌ تَخَافُونَهُمْ كَخِيفَتِكُمْ أَنفُسَكُمْ ۚ كَذَٰلِكَ نُفَصِّلُ ٱلْءَايَٰتِ لِقَوْمٍ يَعْقِلُونَ ﴿٢٨﴾

29. Datapuwa't yaong mga mapaggawa ng kamalian ay sumunod sa kanilang (sariling) mga pagnanasa na walang kaalaman. Kung gayon, sino ang mamamatnubay sa mga tao na hinayaan ni Allah na mapaligaw? Sa kanila, walang sinuman ang makatutulong.

بَلِ ٱتَّبَعَ ٱلَّذِينَ ظَلَمُوٓا۟ أَهْوَآءَهُم بِغَيْرِ عِلْمٍ ۖ فَمَن يَهْدِى مَنْ أَضَلَّ ٱللَّهُ ۖ وَمَا لَهُم مِّن نَّٰصِرِينَ ﴿٢٩﴾

30. Kaya't ituon mo (O Muhammad) ang iyong mukha (alalaong baga, ang iyong sarili) tungo sa Pananampalataya (na dalisay, ang Islam) na nahihilig sa katotohanan. (Kumapit at manatili ka) sa *Fitrah* (ang likas na damdamin ng paniniwala at pagsamba sa tanging Isa at Panginoon) ni Allah, na sa gayunding (konsepto) nito (*Fitrah*) ay Kanyang nilikha ang (lahat) ng mga tao. Walang anumang pagbabago ang marapat (na mangyari) sa *Khalq-illah* (alalaong baga, hayaang ang mga tao ay manatili sa kanilang *Fitrah* sa loob ng pananampalatayang Islam). Ito ang Tuwid na Pananampalataya, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay walang kaalaman.

فَأَقِمْ وَجْهَكَ لِلدِّينِ حَنِيفًا ۚ فِطْرَتَ ٱللَّهِ ٱلَّتِى فَطَرَ ٱلنَّاسَ عَلَيْهَا ۚ لَا تَبْدِيلَ لِخَلْقِ ٱللَّهِ ۚ ذَٰلِكَ ٱلدِّينُ ٱلْقَيِّمُ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَ ٱلنَّاسِ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٣٠﴾

31. (Mamalagi kayo sa gayon), na bumabaling sa Kanya (lamang) sa pagsisisi, at inyong pangambahan Siya at magsagawa kayo ng *Salah* (takdang pagdarasal), at huwag kayong mapabilang sa mga tao na nag-aakibat ng katambal kay Allah (walang pananalig, buhong, tampalasan, walang paniniwala sa Kaisahan ni Allah).

۞ مُنِيبِينَ إِلَيْهِ وَٱتَّقُوهُ وَأَقِيمُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ وَلَا تَكُونُوا۟ مِنَ ٱلْمُشْرِكِينَ ﴿٣١﴾

مِنَ ٱلَّذِينَ فَرَّقُوا۟ دِينَهُمْ وَكَانُوا۟ شِيَعًا ۖ كُلُّ حِزْبٍۭ بِمَا لَدَيْهِمْ فَرِحُونَ ﴿٣٢﴾

32. (At huwag kayong maging katulad ng mga tao) na kanilang pinaghahati-hati ang kanilang Pananampalataya sa pagkakaroon ng mga iba't ibang sekta, ang bawat isang sekta ay nangagagalak sa anumang pinanghahawakan ng kanilang sekta.[48]

وَإِذَا مَسَّ ٱلنَّاسَ ضُرٌّ دَعَوْا۟ رَبَّهُم مُّنِيبِينَ إِلَيْهِ ثُمَّ إِذَآ أَذَاقَهُم مِّنْهُ رَحْمَةً إِذَا فَرِيقٌ مِّنْهُم بِرَبِّهِمْ يُشْرِكُونَ ﴿٣٣﴾

33. At kung ang kahirapan ay sumapit sa mga tao, sila ay matapat na naninikluhod sa kanilang Panginoon (Allah) at nagbabalik-loob sa Kanya sa pagsisisi; (datapuwa't) nang maipalasap na Niya sa kanila ang Kanyang Habag; (pagmasdan), kapagkaraka, ang isang pangkat sa kanila ay nag-aakibat ng iba pa (sa pagsamba) sa kanilang Panginoon,

لِيَكْفُرُوا۟ بِمَآ ءَاتَيْنَٰهُمْ ۚ فَتَمَتَّعُوا۟ فَسَوْفَ تَعْلَمُونَ ﴿٣٤﴾

34. Upang kanilang maitatwa kung anuman (ang biyaya) na Aming ipinagkaloob sa kanila! Kaya't magpakaligaya kayo (sa maigsing sandali ng inyong buhay), hindi magtatagal ay inyong mapag-aalaman.

أَمْ أَنزَلْنَا عَلَيْهِمْ سُلْطَٰنًا فَهُوَ يَتَكَلَّمُ بِمَا كَانُوا۟ بِهِۦ يُشْرِكُونَ ﴿٣٥﴾

35. O nagpapanaog ba Kami sa kanila ng kapamahalaan (alalaong baga, isang katibayan o Kasulatan), at ito ay nagsasabi kung anuman (ang mga bagay) na kanilang iniaakibat sa Kanya (sa pagsamba)?

وَإِذَآ أَذَقْنَا ٱلنَّاسَ رَحْمَةً فَرِحُوا۟ بِهَا ۖ وَإِن تُصِبْهُمْ سَيِّئَةٌۢ بِمَا قَدَّمَتْ أَيْدِيهِمْ إِذَا هُمْ يَقْنَطُونَ ﴿٣٦﴾

36. At kung Aming ipalasap sa mga tao ang Habag (Pagpapala), sila ay nangagagalak dito, at kung ang kasamaan ay makasakit sa kanila dahilan na rin (sa kanilang masasamang gawa at kasalanan) na inihantong ng kanilang (sariling) mga kamay, (pagmasdan), sila ay nawawalan ng pag-asa!

أَوَلَمْ يَرَوْا۟ أَنَّ ٱللَّهَ يَبْسُطُ ٱلرِّزْقَ لِمَن يَشَآءُ وَيَقْدِرُ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَٰتٍ لِّقَوْمٍ يُؤْمِنُونَ ﴿٣٧﴾

37. Hindi baga nila napagmamalas na si Allah ang nagpaparami ng panustos (na ikabubuhay) sa sinumang Kanyang maibigan at nagpapaunti nito (sa sinumang Kanyang maibigan)? Katotohanang naririto ang mga Tanda sa mga taong sumasampalataya.

---

[48] Isinalaysay ni Abu Huraira na ang Propeta ay nagsabi: "Ang mga Hudyo at Kristiyano ay naghiwa-hiwalay sa pitumpu't isa o pitumpu't dalawang pangrelihiyong sekta, at ang pamayanang ito (mga Muslim) ay mahahati sa pitumpu't tatlong pangrelihiyong sekta, ang lahat ay hahantong sa Impiyerno, maliban lamang sa isang pangkat, at ang isang ito ay ako at ang aking mga kapanalig na sumusunod sa Qur'an at sa aking Sunnah".

فَـَٔاتِ ذَا ٱلْقُرْبَىٰ حَقَّهُۥ وَٱلْمِسْكِينَ وَٱبْنَ ٱلسَّبِيلِ ۚ ذَٰلِكَ خَيْرٌ لِّلَّذِينَ يُرِيدُونَ وَجْهَ ٱللَّهِ ۖ وَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْمُفْلِحُونَ ﴿٣٨﴾

38. Kaya't ipagkaloob kung ano ang nararapat sa mga kamag-anak, at sa nangangailangan, at sa naglalakbay na kinapos ng panustos; ito ay higit na mabuti sa mga humahanap ng Pagsang-ayon (Kasiyahan) ni Allah, at sila ang magsisipagtagumpay.

وَمَآ ءَاتَيْتُم مِّن رِّبًا لِّيَرْبُوَا۟ فِىٓ أَمْوَٰلِ ٱلنَّاسِ فَلَا يَرْبُوا۟ عِندَ ٱللَّهِ ۖ وَمَآ ءَاتَيْتُم مِّن زَكَوٰةٍ تُرِيدُونَ وَجْهَ ٱللَّهِ فَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْمُضْعِفُونَ ﴿٣٩﴾

39. At sa ibinigay ninyong pabuya (interes) sa (ibang tao) upang inyong mapalago (ang inyong kayamanan tungo sa inyong kapakinabangan), ito ay walang karagdagan (o grasya) mula kay Allah; datapuwa't ang anumang ibigay ninyo sa kawanggawa (*Zakah*) na naghahangad ng Pagsang-ayon (Kasiyahan) ni Allah (ay madaragdagan); at sila yaong magtatagumpay.

ٱللَّهُ ٱلَّذِى خَلَقَكُمْ ثُمَّ رَزَقَكُمْ ثُمَّ يُمِيتُكُمْ ثُمَّ يُحْيِيكُمْ ۖ هَلْ مِن شُرَكَآئِكُم مَّن يَفْعَلُ مِن ذَٰلِكُم مِّن شَىْءٍ ۚ سُبْحَٰنَهُۥ وَتَعَٰلَىٰ عَمَّا يُشْرِكُونَ ﴿٤٠﴾

40. Si Allah ang lumikha sa inyo at nagkaloob sa inyo ng ikabubuhay, at maggagawad sa inyo ng kamatayan, at (muli) ay magpapanumbalik ng inyong buhay (sa Araw ng Muling Pagkabuhay). Mayroon kaya sa sinumang inyong (sinasabing) katambal (ni Allah) ang makagagawa ng isa man sa mga bagay na ito? Luwalhatiin Siya! Higit Siyang Mataas sa anupamang bagay na kanilang iniaakibat (sa Kanya)!

ظَهَرَ ٱلْفَسَادُ فِى ٱلْبَرِّ وَٱلْبَحْرِ بِمَا كَسَبَتْ أَيْدِى ٱلنَّاسِ لِيُذِيقَهُم بَعْضَ ٱلَّذِى عَمِلُوا۟ لَعَلَّهُمْ يَرْجِعُونَ ﴿٤١﴾

41. Ang kasamaan (kasalanan at pagsuway kay Allah) ay lumitaw sa kalupaan at karagatan dahilan sa kagagawan ng mga kamay ng mga tao (sa pamamagitan ng pang-aapi at kabuktutan), upang si Allah ay magpalasap sa kanila ng ilang bahagi ng kanilang ginawa; nang sa gayon, sila ay magsitalikod sa kasamaan (sa pamamagitan ng pagsisisi kay Allah at paninikluhod sa Kanyang Kapatawaran).

قُلْ سِيرُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ فَٱنظُرُوا۟ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلُ ۚ كَانَ أَكْثَرُهُم مُّشْرِكِينَ ﴿٤٢﴾

42. Ipagbadya (O Muhammad): "Magsipaglakbay kayo sa kalupaan at inyong tunghayan kung ano ang kinasapitan (ng mga tao) na nauna pa sa inyo! Ang karamihan sa kanila ay *Mushrikun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah).

فَأَقِمْ وَجْهَكَ لِلدِّينِ ٱلْقَيِّمِ مِن قَبْلِ أَن يَأْتِىَ يَوْمٌ لَّا مَرَدَّ لَهُۥ مِنَ ٱللَّهِ ۖ يَوْمَئِذٍ يَصَّدَّعُونَ ﴿٤٣﴾

43. Kaya't ilingon mo (O Muhammad) ang iyong mukha (sa pagsunod kay Allah), - sa Tuwid na pananampalataya (sa Kaisahan ni Allah), bago dumating sa inyo ang Araw na walang sinuman ang makapipigil mula kay Allah; sa Araw na yaon

ang mga tao ay mahahati (sa dalawang pangkat, ang isang pangkat ay sa Paraiso at ang isang pangkat ay sa Impiyerno).

مَن كَفَرَ فَعَلَيْهِ كُفْرُهُۥ ۖ وَمَنْ عَمِلَ صَٰلِحًا فَلِأَنفُسِهِمْ يَمْهَدُونَ ﴿٤٤﴾

44. Sinuman ang magtakwil sa Pananampalataya ay magdurusa (sa Impiyerno) sa (naging bunga) ng kanyang pagtatakwil; at sinuman ang gumagawa ng kabutihan, sila ay naghahanda para sa kanilang sarili (ng isang baon sa Paraiso);

لِيَجْزِيَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ مِن فَضْلِهِۦٓ ۚ إِنَّهُۥ لَا يُحِبُّ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٤٥﴾

45. Upang Kanyang magantimpalaan ang mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at nagsisigawa ng kabutihan mula sa Kanyang Kasaganaan, katotohanang Siya ay hindi nagmamahal sa mga nagtatakwil ng Pananampalataya.

وَمِنْ ءَايَٰتِهِۦٓ أَن يُرْسِلَ ٱلرِّيَاحَ مُبَشِّرَٰتٍ وَلِيُذِيقَكُم مِّن رَّحْمَتِهِۦ وَلِتَجْرِيَ ٱلْفُلْكُ بِأَمْرِهِۦ وَلِتَبْتَغُوا۟ مِن فَضْلِهِۦ وَلَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ ﴿٤٦﴾

46. At kabilang sa Kanyang mga Tanda (ay ito); na Siya ang naghahayo sa Hangin bilang tagapagdala ng magandang balita at upang ipalasap sa inyo ang Kanyang Habag (alalaong baga, ang ulan); upang ang mga barko ay magsipaglayag sa Kanyang pag-uutos at upang kayo ay makasumpong ng Kanyang Kagandahang-Loob (Biyaya), upang kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat.

وَلَقَدْ أَرْسَلْنَا مِن قَبْلِكَ رُسُلًا إِلَىٰ قَوْمِهِمْ فَجَآءُوهُم بِٱلْبَيِّنَٰتِ فَٱنتَقَمْنَا مِنَ ٱلَّذِينَ أَجْرَمُوا۟ ۖ وَكَانَ حَقًّا عَلَيْنَا نَصْرُ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٤٧﴾

47. At Kami noon pa ay nagsugo nang una pa sa iyo (O Muhammad) ng mga Sugo sa kanilang pamayanan. Sila ay dumatal sa kanila na may maliliwanag na katibayan; at sa mga lumabag sa (paggawa) ng kasalanan (kawalan ng pananalig at pagsamba sa iba maliban pa kay Allah), sila ay ginawaran Namin ng kaparusahan; at isang katungkulan sa Amin na Aming tulungan ang mga sumasampalataya.

ٱللَّهُ ٱلَّذِى يُرْسِلُ ٱلرِّيَٰحَ فَتُثِيرُ سَحَابًا فَيَبْسُطُهُۥ فِى ٱلسَّمَآءِ كَيْفَ يَشَآءُ وَيَجْعَلُهُۥ كِسَفًا فَتَرَى ٱلْوَدْقَ يَخْرُجُ مِنْ خِلَٰلِهِۦ ۖ فَإِذَآ أَصَابَ بِهِۦ مَن يَشَآءُ مِنْ عِبَادِهِۦٓ إِذَا هُمْ يَسْتَبْشِرُونَ ﴿٤٨﴾

48. Si Allah ang nagsusugo ng Hangin na nagtataas sa mga ulap, at pinangangalat Niya ito sa kalangitan ayon sa Kanyang kagustuhan, at binibiyak Niya ito nang pira-piraso hanggang sa inyong mamasdan ang mga patak ng ulan mula sa bunton nito! At kung Kanyang hayaan na ito ay mamalisbis sa Kanyang mga alipin na Kanyang maibigan, tunay nga, sila ay nangagagalak!

وَإِن كَانُوا۟ مِن قَبْلِ أَن يُنَزَّلَ عَلَيْهِم مِّن قَبْلِهِۦ لَمُبْلِسِينَ ﴿٤٩﴾

49. Bagama't gayon nga, bago pa man ito (ang ulan) ay dumating sa kanila, kangi-kangina lamang, sila ay (nahihibang na) sa kawalan ng pag-asa!

فَٱنظُرْ إِلَىٰٓ ءَاثَٰرِ رَحْمَتِ ٱللَّهِ كَيْفَ يُحْىِ ٱلْأَرْضَ بَعْدَ مَوْتِهَآ ۚ إِنَّ ذَٰلِكَ لَمُحْىِ ٱلْمَوْتَىٰ ۖ وَهُوَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿٥٠﴾

50. At inyong pagmasdan (O sangkatauhan!) kung ano ang nagagawa ng Habag ni Allah, - kung paano Siya nagbigay ng buhay sa kalupaan matapos na ito ay maging tigang. Katotohanang (sa gayunding paraan, si Allah) ay magbibigay ng buhay sa patay (sa Araw ng Muling Pagkabuhay), sapagkat Siya ang may Kapangyarihan sa lahat ng bagay.

وَلَئِنْ أَرْسَلْنَا رِيحًا فَرَأَوْهُ مُصْفَرًّا لَّظَلُّوا۟ مِنۢ بَعْدِهِۦ يَكْفُرُونَ ﴿٥١﴾

51. Datapuwa't kung Kami ay magparating ng isang (masamang) hangin at kanilang mamasdan (ang kanilang luntiang pananim) ay nanilaw (nalanta); pagkatapos nito, ay mananatili (pa rin) sila na mga hindi sumasampalataya.

فَإِنَّكَ لَا تُسْمِعُ ٱلْمَوْتَىٰ وَلَا تُسْمِعُ ٱلصُّمَّ ٱلدُّعَآءَ إِذَا وَلَّوْا۟ مُدْبِرِينَ ﴿٥٢﴾

52. Katotohanang ikaw (O Muhammad) ay hindi makagagawa na ang patay ay makarinig (alalaong baga, ang mga hindi sumasampalataya), gayundin na ang bingi ay makinig sa panawagan, kung sila ay tatalikod at uurong.

وَمَآ أَنتَ بِهَٰدِ ٱلْعُمْىِ عَن ضَلَٰلَتِهِمْ ۖ إِن تُسْمِعُ إِلَّا مَن يُؤْمِنُ بِـَٔايَٰتِنَا فَهُم مُّسْلِمُونَ ﴿٥٣﴾

53. At ikaw din (O Muhammad) ay hindi makakapamatnubay sa bulag sa pagkaligaw; magagawa mo lamang na makarinig sila na mga sumasampalataya sa Aming *Ayat* (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral) at tumatalima kay Allah sa Islam (bilang mga Muslim).

۞ ٱللَّهُ ٱلَّذِى خَلَقَكُم مِّن ضَعْفٍ ثُمَّ جَعَلَ مِنۢ بَعْدِ ضَعْفٍ قُوَّةً ثُمَّ جَعَلَ مِنۢ بَعْدِ قُوَّةٍ ضَعْفًا وَشَيْبَةً ۚ يَخْلُقُ مَا يَشَآءُ ۖ وَهُوَ ٱلْعَلِيمُ ٱلْقَدِيرُ ﴿٥٤﴾

54. Si Allah ang lumikha sa inyo sa katayuan ng pagiging mahina (murang gulang pa); at nagbigay sa inyo ng lakas (paglaki at ganap na gulang) mula sa pagiging mahina; at pagkaraan ng lakas, (muli) ay ang pagiging mahina at (pagkakaroon) ng maputing buhok. Siya ang lumilikha ng anumang Kanyang naisin, at Siya ang Ganap na Maalam at Makapangyarihan (sa lahat ng bagay).

وَيَوْمَ تَقُومُ ٱلسَّاعَةُ يُقْسِمُ ٱلْمُجْرِمُونَ مَا لَبِثُوا۟ غَيْرَ سَاعَةٍ ۚ كَذَٰلِكَ كَانُوا۟ يُؤْفَكُونَ ﴿٥٥﴾

55. At sa Araw na ang (Huling) Oras ay mahantad, ang mga nagsilabag sa utos, (kriminal, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, makasalanan) ay manunumpa na sila ay nanatili lamang ng isang oras, kaya't (sa ganito) sila ay nalinlang (sa katotohanan, alalaong baga, sila ay nahirati na sa pagsasabi ng kasinungalingan at

bulaang pagsaksi at tumatalikod sa katotohanan sa buhay sa mundong ito)!

وَقَالَ ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْعِلْمَ وَٱلْإِيمَٰنَ لَقَدْ لَبِثْتُمْ فِى كِتَٰبِ ٱللَّهِ إِلَىٰ يَوْمِ ٱلْبَعْثِ ۖ فَهَٰذَا يَوْمُ ٱلْبَعْثِ وَلَٰكِنَّكُمْ كُنتُمْ لَا تَعْلَمُونَ ﴿٥٦﴾

56. At yaong nagawaran ng karunungan at pananalig ay magsasabi: "Katotohanang kayo ay nanatili ayon sa Pagtatakda ni Allah hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay, at ito ang Araw ng Muling Pagkabuhay, datapuwa't ito ay hindi ninyo nalalaman!"

فَيَوْمَئِذٍ لَّا يَنفَعُ ٱلَّذِينَ ظَلَمُوا۟ مَعْذِرَتُهُمْ وَلَا هُمْ يُسْتَعْتَبُونَ ﴿٥٧﴾

57. Kaya't sa Araw na yaon, walang anumang dahilan (katwiran) ang makatutulong sa mga nagsilabag (sa pamamagitan nang pagtatambal sa pagsamba kay Allah at pagtatatwa sa Araw ng Muling Pagkabuhay), gayundin, sila ay hindi na papayagan na makapagbago (o makabalik sa lupa) upang hanapin ang kaluguran ni Allah (sa pamamagitan ng pagtanggap sa Islam at paggawa ng kabutihan at pagtatakwil sa pagsamba sa mga diyus-diyosan, at sa mga kasalanan ng may pagtitika).

وَلَقَدْ ضَرَبْنَا لِلنَّاسِ فِى هَٰذَا ٱلْقُرْءَانِ مِن كُلِّ مَثَلٍ ۚ وَلَئِن جِئْتَهُم بِـَٔايَةٍ لَّيَقُولَنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ إِنْ أَنتُمْ إِلَّا مُبْطِلُونَ ﴿٥٨﴾

58. At katotohanang Aming ipinaunawa nang matiim sa mga tao, sa Qur'an na ito, ang lahat ng uri ng halimbawa (paghahambing); datapuwa't kung ikaw (O Muhammad) ay magdala sa kanila ng anumang Tanda (bilang isang katibayan ng katotohanan at pagka-propeta), ang mga hindi sumasampalataya ay katiyakang magsasabi (sa mga sumasampalataya): "Ikaw ay walang sinusunod kundi kabulaanan at salamangka."

كَذَٰلِكَ يَطْبَعُ ٱللَّهُ عَلَىٰ قُلُوبِ ٱلَّذِينَ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٥٩﴾

59. Kaya't sa ganito tinatakpan ni Allah ang puso ng mga hindi nakakaunawa (sa mga katibayan ng pagiging Tanging Isa ni Allah at sa hindi sumubok na umunawa sa tunay na layon ng pagkasugo ni Muhammad sa kanila).

فَٱصْبِرْ إِنَّ وَعْدَ ٱللَّهِ حَقٌّ ۖ وَلَا يَسْتَخِفَّنَّكَ ٱلَّذِينَ لَا يُوقِنُونَ ﴿٦٠﴾

60. Kaya't maging matimtiman (O Muhammad) sa pagtitigaya; katiyakang ang pangako ni Allah ay katotohanan, at huwag hayaan sila na hindi nakatitiyak (sa kanilang pananalig) na ikaw ay mapatahimik nila (sa pagpapalaganap ng Mensahe ni Allah na iyong marapat na maiparating).

Surah 31

Surat Luqman
(Propeta Luqman)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

الٓمٓ ﴿١﴾

1. Alif, Lam, Mim. (Mga titik A, La, Ma. Ito ay isa sa mga milagro ng Qur'an at tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

تِلْكَ ءَايَٰتُ ٱلْكِتَٰبِ ٱلْحَكِيمِ ﴿٢﴾

2. Ito ang mga Talata ng Aklat ng Karunungan (ang Qur'an).

هُدًى وَرَحْمَةً لِّلْمُحْسِنِينَ ﴿٣﴾

3. Isang Patnubay at Habag sa *Muhsinun* (mga gumagawa ng kabutihan at katuwiran),

ٱلَّذِينَ يُقِيمُونَ ٱلصَّلَوٰةَ وَيُؤْتُونَ ٱلزَّكَوٰةَ وَهُم بِٱلْءَاخِرَةِ هُمْ يُوقِنُونَ ﴿٤﴾

4. Sila na nag-aalay ng palagiang pagdarasal nang mahinusay (*Iqamat-us-Salah*), at nagbi-bigay ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa), at mayroong matibay na pananalig sa Kabilang Buhay.

أُولَٰٓئِكَ عَلَىٰ هُدًى مِّن رَّبِّهِمْ ۖ وَأُولَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْمُفْلِحُونَ ﴿٥﴾

5. Sila ang nasa (tunay) na patnubay mula sa kanilang Panginoon; at sila ang magsisipag-tagumpay.

وَمِنَ ٱلنَّاسِ مَن يَشْتَرِى لَهْوَ ٱلْحَدِيثِ لِيُضِلَّ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ بِغَيْرِ عِلْمٍ وَيَتَّخِذَهَا هُزُوًا ۚ أُولَٰٓئِكَ لَهُمْ عَذَابٌ مُّهِينٌ ﴿٦﴾

6. At mayroon sa mga tao ang bumibili ng walang kabuluhang pag-uusap (alalaong baga, ang musika at pagkanta) upang iligaw (ang iba) sa Landas ni Allah ng walang kaalaman, at nagtataguri rito (alalaong baga, ang Kanyang Landas o sa mga Talata ng Qur'an) sa (pamamaraan) ng pangungutya; para sa kanila ay mayroong nakahanda na kahiya-hiyang kaparusahan (sa Apoy ng Impiyerno).

وَإِذَا تُتْلَىٰ عَلَيْهِ ءَايَٰتُنَا وَلَّىٰ مُسْتَكْبِرًا كَأَن لَّمْ يَسْمَعْهَا كَأَنَّ فِىٓ أُذُنَيْهِ وَقْرًا ۖ فَبَشِّرْهُ بِعَذَابٍ أَلِيمٍ ﴿٧﴾

7. At kung ang Aming mga Talata (ang Qur'an) ay ipinaparinig sa kanya, siya ay tumatalikod ng may kapalaluan, na wari bang hindi niya narinig; na wari bang mayroong kabingihan sa dalawa niyang tainga. Kaya't ipagbadya sa kanya ang isang kasakit-sakit na kaparusahan.

إِنَّ ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ وَعَمِلُواْ ٱلصَّٰلِحَٰتِ لَهُمْ جَنَّٰتُ ٱلنَّعِيمِ ﴿٨﴾

8. At sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at nagsisigawa ng kabutihan, sasakanila ang Halamanan ng Kaligayahan (Paraiso),

خَٰلِدِينَ فِيهَا ۖ وَعْدَ ٱللَّهِ حَقًّا ۚ وَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٩﴾

9. Kung saan sila ay mananahan ng walang hanggan; (ito) ang pangako ni Allah (na siyang) katotohanan. At Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ بِغَيْرِ عَمَدٍ تَرَوْنَهَا ۖ وَأَلْقَىٰ فِى ٱلْأَرْضِ رَوَٰسِىَ أَن تَمِيدَ بِكُمْ وَبَثَّ فِيهَا مِن كُلِّ دَآبَّةٍ ۚ وَأَنزَلْنَا مِنَ ٱلسَّمَآءِ مَآءً فَأَنۢبَتْنَا فِيهَا مِن كُلِّ زَوْجٍ كَرِيمٍ ﴿١٠﴾

10. Nilikha Niya ang kalangitan na walang mga haligi na inyong namamasdan; itinatag Niya sa kalupaan ang kabundukan na matatag na nakatayo, (kung hindi) maaari itong mawalan ng balanse (mauga o gumiwang) na kasama ninyo; at Kanyang ikinalat dito ang lahat ng uri ng hayop. At Kami ang nagpamalisbis ng tubig (ulan) mula sa alapaap at nagpatubo Kami sa kalupaan ng lahat ng uri (ng halaman) sa bawat pares.

هَٰذَا خَلْقُ ٱللَّهِ فَأَرُونِى مَاذَا خَلَقَ ٱلَّذِينَ مِن دُونِهِۦ ۚ بَلِ ٱلظَّٰلِمُونَ فِى ضَلَٰلٍ مُّبِينٍ ﴿١١﴾

11. Ito ang Likha ni Allah. Kaya't ipamalas ninyo sa Akin kung anong bagay ang nilikha nila (mga diyus-diyosan na inyong sinasamba). Datapuwa't ang *Zalimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaglabag sa mga utos, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah) ay nasa hayag na kamalian.

وَلَقَدْ ءَاتَيْنَا لُقْمَٰنَ ٱلْحِكْمَةَ أَنِ ٱشْكُرْ لِلَّهِ ۚ وَمَن يَشْكُرْ فَإِنَّمَا يَشْكُرُ لِنَفْسِهِۦ ۖ وَمَن كَفَرَ فَإِنَّ ٱللَّهَ غَنِىٌّ حَمِيدٌ ﴿١٢﴾

12. At katiyakang Kami ay nagkaloob noon ng *Hikmah* (karunungan at pang-unawa sa pananampalataya) kay Luqman na nagsasabi: "Magbigay ka ng pasasalamat kay Allah." Sinuman ang magbigay ng pasasalamat, siya ay nagbigay (gumawa) (ng kabutihan) para sa kanyang sarili, at sinuman ang magtakwil (walang utang na loob), katotohanang si Allah ay Sagana (hindi nangangailangan ng anuman) at karapat-dapat sa Kanya ang lahat ng pagpupuri.

وَإِذْ قَالَ لُقْمَٰنُ لِٱبْنِهِۦ وَهُوَ يَعِظُهُۥ يَٰبُنَىَّ لَا تُشْرِكْ بِٱللَّهِ ۖ إِنَّ ٱلشِّرْكَ لَظُلْمٌ عَظِيمٌ ﴿١٣﴾

13. At nang si Luqman ay nagsabi sa kanyang anak (na lalaki) ng may pangangaral: "O aking anak! Huwag kang magtambal ng iba pa sa pagsamba kay Allah; katotohanan, ang pagtatambal ng iba pa sa pagsamba kay Allah

ay tunay ngang pinakamatinding kamalian."

14. At ipinagtagubilin Namin sa tao (na maging mabait at masunurin) sa kanilang magulang. Ang kanyang ina ay nagsilang sa kanya sa matinding hirap sa ibabaw ng ibayong hirap, at inawat siya (sa pagpapasuso) pagkatapos ng dalawang taon. Magbigay kayo ng pasasalamat sa Akin at sa inyong magulang; - sa Akin ang inyong huling hantungan.

وَوَصَّيْنَا ٱلْإِنسَٰنَ بِوَٰلِدَيْهِ حَمَلَتْهُ أُمُّهُۥ وَهْنًا عَلَىٰ وَهْنٍ وَفِصَٰلُهُۥ فِى عَامَيْنِ أَنِ ٱشْكُرْ لِى وَلِوَٰلِدَيْكَ إِلَىَّ ٱلْمَصِيرُ ﴿١٤﴾

15. Datapuwa't kung sila (magulang) ay magsikhay upang ikaw ay magtambal ng iba pa sa pagsamba sa Akin sa mga bagay na wala kayong kaalaman; sila ay huwag ninyong sundin, at maging mabait kayo sa kanila sa mundong ito, at sundin ninyo ang landas ng sinumang nagbabalik-loob sa Akin sa pagsisisi. Sa katapusan, ang hantungan ninyong lahat ay sa Akin, at sa inyo ay Aking ipagtuturing ang inyong ginawa.

وَإِن جَٰهَدَاكَ عَلَىٰٓ أَن تُشْرِكَ بِى مَا لَيْسَ لَكَ بِهِۦ عِلْمٌ فَلَا تُطِعْهُمَا وَصَاحِبْهُمَا فِى ٱلدُّنْيَا مَعْرُوفًا وَٱتَّبِعْ سَبِيلَ مَنْ أَنَابَ إِلَىَّ ثُمَّ إِلَىَّ مَرْجِعُكُمْ فَأُنَبِّئُكُم بِمَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿١٥﴾

16. (At si Luqman ay nagsabi): "O aking anak! Katiyakan na kung ito (alalaong baga, ang kamalian) ay mangyari na katumbas ng bigat ng isang buto ng mustasa at ito (ay nakasingit) sa bato o (saan mang lugar) sa kalangitan at kalupaan; si Allah ang maghahantad nito. Katotohanang si Allah ay Bihasa at Ganap na Nakatatalos (ng kinalalagyan nito)."

يَٰبُنَىَّ إِنَّهَآ إِن تَكُ مِثْقَالَ حَبَّةٍ مِّنْ خَرْدَلٍ فَتَكُن فِى صَخْرَةٍ أَوْ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ أَوْ فِى ٱلْأَرْضِ يَأْتِ بِهَا ٱللَّهُ إِنَّ ٱللَّهَ لَطِيفٌ خَبِيرٌ ﴿١٦﴾

17. "O aking anak! Magsagawa ka ng palagiang pagdarasal (nang mahinusay), ipagtagubilin mo ang *Al-Ma'ruf* (pananalig sa Kaisahan ni Allah at Islam, sa lahat ng mabuti at makatarungan), at iyong ipagbawal ang *Al-Munkar* (alalaong baga, ang kawalan ng pananalig sa Kaisahan ni Allah, pagsamba sa mga diyus-diyosan, lahat ng uri ng kasamaan, kasalanan at kamalian); at ikaw ay maging matimtiman sa pagtitiyaga sa anupamang dumatal sa iyo." Katotohanang ito ay mga bagay na nangangailangan ng katiiman ng loob (matibay na paninindigan);

يَٰبُنَىَّ أَقِمِ ٱلصَّلَوٰةَ وَأْمُرْ بِٱلْمَعْرُوفِ وَٱنْهَ عَنِ ٱلْمُنكَرِ وَٱصْبِرْ عَلَىٰ مَآ أَصَابَكَ إِنَّ ذَٰلِكَ مِنْ عَزْمِ ٱلْأُمُورِ ﴿١٧﴾

18. At huwag mong patambukin ang iyong pisngi sa harap ng mga tao (ng may kapalaluan), at huwag kang maglakad sa

وَلَا تُصَعِّرْ خَدَّكَ لِلنَّاسِ وَلَا تَمْشِ فِى ٱلْأَرْضِ مَرَحًا إِنَّ ٱللَّهَ لَا يُحِبُّ كُلَّ مُخْتَالٍ فَخُورٍ ﴿١٨﴾

kalupaan ng may kabastusan, katotohanang si Allah ay hindi nagmamahal sa mga mayayabang at mapagpaimbabaw,

وَٱقْصِدْ فِى مَشْيِكَ وَٱغْضُضْ مِن صَوْتِكَ ۚ إِنَّ أَنكَرَ ٱلْأَصْوَٰتِ لَصَوْتُ ٱلْحَمِيرِ ﴿١٩﴾

19. At maging banayad sa iyong paglakad (at huwag magpamalas ng pagmamalaki), at ibaba mo ang iyong boses. Katotohanan, ang pinaka di-katangap-tanggap sa mga ingay ay ang boses (o pag-iingay) ng mga asno.

أَلَمْ تَرَوْا۟ أَنَّ ٱللَّهَ سَخَّرَ لَكُم مَّا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ وَأَسْبَغَ عَلَيْكُمْ نِعَمَهُۥ ظَٰهِرَةً وَبَاطِنَةً ۗ وَمِنَ ٱلنَّاسِ مَن يُجَٰدِلُ فِى ٱللَّهِ بِغَيْرِ عِلْمٍ وَلَا هُدًى وَلَا كِتَٰبٍ مُّنِيرٍ ﴿٢٠﴾

20. Hindi baga ninyo napagmamasdan (O sangkatauhan) na ipinailalim ni Allah ang lahat ng bagay para sa inyong (gamit) dito sa kalangitan at kalupaan, at saganang iginawad Niya sa inyo ang Kanyang kagandahang-loob (biyaya) na (kapwa) lantad at nalilingid. Datapuwa't mayroong mga tao ang nakikipagtalo tungkol kay Allah ng walang kaalaman o patnubay, o ng Aklat na magbibigay ng kaliwanagan!

وَإِذَا قِيلَ لَهُمُ ٱتَّبِعُوا۟ مَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ قَالُوا۟ بَلْ نَتَّبِعُ مَا وَجَدْنَا عَلَيْهِ ءَابَآءَنَآ ۚ أَوَلَوْ كَانَ ٱلشَّيْطَٰنُ يَدْعُوهُمْ إِلَىٰ عَذَابِ ٱلسَّعِيرِ ﴿٢١﴾

21. At kung ito ay ipinagbabadya sa kanila: "Sundin ninyo ang pahayag na ipinanaog ni Allah", sila ay nagsasabi: "(Hindi), bagkus ay aming susundin ang mga paraan na ginagawa ng aming mga ninuno." Ito ba ay kanilang gagawin kahit na si Satanas ay nag-aanyaya sa kanila sa kaparusahan ng Apoy.

۞ وَمَن يُسْلِمْ وَجْهَهُۥٓ إِلَى ٱللَّهِ وَهُوَ مُحْسِنٌ فَقَدِ ٱسْتَمْسَكَ بِٱلْعُرْوَةِ ٱلْوُثْقَىٰ ۗ وَإِلَى ٱللَّهِ عَٰقِبَةُ ٱلْأُمُورِ ﴿٢٢﴾

22. At sinuman ang magsuko ng kanyang sarili kay Allah[49] , samantalang siya ay gumagawa ng kabutihan (tungo sa Kapakanan ni Allah ng walang pagpaparangalan at ayon sa *Sunnah* ([pamamaraan], ng Sugo ni Allah na si Muhammad), katotohanang siya ay nakasakmal ng pinakamatatag at mapagkakatiwalaang dakot (ang *La ilaha ill Allah.* [Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah]). At kay Allah ang panghuling pagpapasya sa lahat ng mga pangyayari (o bagay).

وَمَن كَفَرَ فَلَا يَحْزُنكَ كُفْرُهُۥٓ ۚ إِلَيْنَا

23. At sinuman ang magtakwil sa Pananampalataya, huwag hayaan ang kanilang

[49] Alalaong baga, ang sumunod sa Islam at tamang pananampalataya, ang sumamba lamang kay Allah nang may mataos na Pananalig sa Kanyang 1] Kaisahan at Pamamanginoon, 2] Tanging sa Kanya lamang ang Pagsamba, 3] Kaisahan ng Kanyang mga Pangalan at Katangian.

pagtatakwil ay magbigay-hapis sa iyo (O Muhammad); sa Amin ang kanilang pagbabalik, at ipahahayag Namin sa kanila ang kanilang ginawa. Katotohanang si Allah ang Ganap na Maalam kung ano ang nasa puso (ng mga tao).

مَرْجِعُهُمْ فَنُنَبِّئُهُم بِمَا عَمِلُوٓا۟ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ عَلِيمٌۢ بِذَاتِ ٱلصُّدُورِ ﴿٢٣﴾

24. Hahayaan Namin na magpakasaya sila sa maigsing sandali; at sa katapusan, sila ay Aming itataboy sa napakalaking kaparusahan.

نُمَتِّعُهُمْ قَلِيلًا ثُمَّ نَضْطَرُّهُمْ إِلَىٰ عَذَابٍ غَلِيظٍ ﴿٢٤﴾

25. At kung sila ay iyong tatanungin (O Muhammad): "Sino ang lumikha ng kalangitan at kalupaan?", sila ay katiyakang magsasabi: "Si Allah". Ipagbadya: "Ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay kay Allah!" Datapuwa't ang karamihan sa kanila ay walang kaalaman.

وَلَئِن سَأَلْتَهُم مَّنْ خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ لَيَقُولُنَّ ٱللَّهُ ۚ قُلِ ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ ۚ بَلْ أَكْثَرُهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٢٥﴾

26. Si Allah ang nag-aangkin ng lahat ng mga nasa kalangitan at kalupaan; katotohanang si Allah ay Masagana (hindi nangangailangan ng anuman), ang Karapat-dapat sa lahat ng Pagpupuri.

لِلَّهِ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلْغَنِىُّ ٱلْحَمِيدُ ﴿٢٦﴾

27. At kung ang lahat ng mga punongkahoy sa kalupaan ay mga panulat (lapis o pluma) at ang karagatan (ay tinta na ipangsusulat), na madadagdagan ng pito (pang) karagatan (bilang tinta na ipangsusulat), [magkagayunman], ang mga Salita ni Allah ay hindi masasaid. Katotohanang si Allah ay Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

وَلَوْ أَنَّمَا فِى ٱلْأَرْضِ مِن شَجَرَةٍ أَقْلَٰمٌ وَٱلْبَحْرُ يَمُدُّهُۥ مِنۢ بَعْدِهِۦ سَبْعَةُ أَبْحُرٍ مَّا نَفِدَتْ كَلِمَٰتُ ٱللَّهِ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ عَزِيزٌ حَكِيمٌ ﴿٢٧﴾

28. Ang pagkakalikha ninyong lahat at ang muling pagkabuhay ninyong lahat ay katulad lamang (ng paglikha at muling pagbuhay) ng isang tao. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakarinig, ang Lubos na Nakamamasid.

مَّا خَلْقُكُمْ وَلَا بَعْثُكُمْ إِلَّا كَنَفْسٍ وَٰحِدَةٍ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ سَمِيعٌۢ بَصِيرٌ ﴿٢٨﴾

29. Hindi mo ba napagmamalas (O Muhammad) na pinaglagom ni Allah ang gabi sa maghapon (alalaong baga, ang pag-igsi ng mga oras sa gabi ay idinagdag sa mga oras ng maghapon) at pinaglagom din Niya ang maghapon sa gabi (alalaong baga, ang pag-igsi ng mga oras sa maghapon ay idinagdag sa mga oras ng gabi), at ipinailalim Niya ang araw at buwan (para sa inyo), na ang bawat isa ay tumatahak sa kanyang landas sa natatakdaang panahon; at si Allah ang Lubos na Nakakaalam ng lahat ninyong ginagawa.

أَلَمْ تَرَ أَنَّ ٱللَّهَ يُولِجُ ٱلَّيْلَ فِى ٱلنَّهَارِ وَيُولِجُ ٱلنَّهَارَ فِى ٱلَّيْلِ وَسَخَّرَ ٱلشَّمْسَ وَٱلْقَمَرَ كُلٌّ يَجْرِىٓ إِلَىٰٓ أَجَلٍ مُّسَمًّى وَأَنَّ ٱللَّهَ بِمَا تَعْمَلُونَ خَبِيرٌ ﴿٢٩﴾

ذَٰلِكَ بِأَنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلْحَقُّ وَأَنَّ مَا يَدْعُونَ مِن دُونِهِ ٱلْبَٰطِلُ وَأَنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلْعَلِيُّ ٱلْكَبِيرُ ﴿٣٠﴾

30. Sapagkat si Allah, Siya ang Katotohanan, at lahat ng anumang kanilang tinatawagan (sinasamba) maliban pa kay Allah ay huwad (kasinungalingan, kabulaanan); at si Allah,- Siya ang Kataas-taasan, ang Pinakadakila.

أَلَمْ تَرَ أَنَّ ٱلْفُلْكَ تَجْرِى فِى ٱلْبَحْرِ بِنِعْمَتِ ٱللَّهِ لِيُرِيَكُم مِّنْ ءَايَٰتِهِۦٓ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَٰتٍ لِّكُلِّ صَبَّارٍ شَكُورٍ ﴿٣١﴾

31. Hindi mo ba napagmamasdan na ang mga barko ay nagsisilayag dahil sa Tulong (Kagandahang-Loob) ni Allah, upang maipamalas Niya sa inyo ang Kanyang mga Tanda? Katotohanang naririto ang mga Tanda sa lahat ng tao na matiyaga at nagbibigay ng pasasalamat.

وَإِذَا غَشِيَهُم مَّوْجٌ كَٱلظُّلَلِ دَعَوُا۟ ٱللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ ٱلدِّينَ فَلَمَّا نَجَّىٰهُمْ إِلَى ٱلْبَرِّ فَمِنْهُم مُّقْتَصِدٌ ۚ وَمَا يَجْحَدُ بِـَٔايَٰتِنَآ إِلَّا كُلُّ خَتَّارٍ كَفُورٍ ﴿٣٢﴾

32. At kung ang isang alon ay lumukob sa kanila na tulad ng isang bubong (ulap o bundok ng tubig), sila ay naninikluhod kay Allah nang matapat na debosyon, datapuwa't kung sila ay mailunsad na Niya nang ligtas sa kalupaan, mayroon sa kanila ang hindi nagbibigay ng lubos na pasasalamat (nguni't ang iba ay ganap na walang utang na loob ng pasasalamat). At walang sinuman ang magtatakwil ng Aming mga Tanda maliban sa isang taksil na walang utang na loob!

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ ٱتَّقُوا۟ رَبَّكُمْ وَٱخْشَوْا۟ يَوْمًا لَّا يَجْزِى وَالِدٌ عَن وَلَدِهِۦ وَلَا مَوْلُودٌ هُوَ جَازٍ عَن وَالِدِهِۦ شَيْـًٔا ۚ إِنَّ وَعْدَ ٱللَّهِ حَقٌّ ۖ فَلَا تَغُرَّنَّكُمُ ٱلْحَيَوٰةُ ٱلدُّنْيَا وَلَا يَغُرَّنَّكُم بِٱللَّهِ ٱلْغَرُورُ ﴿٣٣﴾

33. O sangkatauhan! Pangambahan ninyo ang inyong Panginoon (sa pamamagitan ng paniniwala sa Kanya, paggawa ng kabutihan at pag-iwas sa lahat ng masasama) at pangambahan ninyo ang Araw na ang ama ay hindi makikinabang (alalaong baga, walang maitutulong) sa kanyang anak, gayundin ang anak ay hindi makikinabang (walang maitutulong) sa kanyang ama. Katotohanan, ang pangako ni Allah ay tunay, at huwag hayaan ang buhay sa mundong ito ay dumaya sa inyo at huwag ding hayaan ang Pinuno ng mga Manlilinlang (Satanas) ay dumaya sa inyo tungo kay Allah.

إِنَّ ٱللَّهَ عِندَهُۥ عِلْمُ ٱلسَّاعَةِ وَيُنَزِّلُ ٱلْغَيْثَ ۖ وَيَعْلَمُ مَا فِى ٱلْأَرْحَامِ ۖ وَمَا تَدْرِى نَفْسٌ مَّاذَا تَكْسِبُ غَدًا ۖ وَمَا تَدْرِى نَفْسٌۢ بِأَىِّ أَرْضٍ تَمُوتُ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ عَلِيمٌ خَبِيرٌ ﴿٣٤﴾

34. Katotohanang si Allah lamang ang may kaalaman sa (Huling) Oras (ang katapusan ng mundo). Siya ang nagpapamalisbis ng ulan at Siya ang nakakaalam (sa laman) ng mga sinapupunan. At walang kaluluwa (nilikha) ang nakakaalam kung ano ang mangyayari sa kanya sa kinabukasan; at wala ring nakakaalam kung saang lupain siya mamamatay. Katotohanang si Allah ang Ganap na Maalam at Siya ang nakababatid (ng lahat ng bagay).



Surah 32

Surat As-Sajda
(Ang Pangangayupapa o Pagpapatirapa)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

الٓمٓ ﴿١﴾

1. Alif, Lam, Mim. (Mga titik A, La, Ma. Ito ay isa sa mga milagro ng Qur'an at tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

تَنزِيلُ ٱلْكِتَٰبِ لَا رَيْبَ فِيهِ مِن رَّبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٢﴾

2. Ang pagkapahayag ng Aklat (ang Qur'an) ay walang alinlangan na nagmula sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang!

أَمْ يَقُولُونَ ٱفْتَرَىٰهُ ۚ بَلْ هُوَ ٱلْحَقُّ مِن رَّبِّكَ لِتُنذِرَ قَوْمًا مَّآ أَتَىٰهُم مِّن نَّذِيرٍ مِّن قَبْلِكَ لَعَلَّهُمْ يَهْتَدُونَ ﴿٣﴾

3. O sila ba ay nagsasabi: "Siya (Muhammad) ay kumatha lamang nito?" Datapuwa't ito ang Katotohanan mula sa iyong Panginoon upang iyong mapaalalahanan ang mga tao na sa kanila ay walang dumatal na Tagapagbabala nang una sa iyo; upang sila ay tumpak na mapatnubayan.

ٱللَّهُ ٱلَّذِى خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ وَمَا بَيْنَهُمَا فِى سِتَّةِ أَيَّامٍ ثُمَّ ٱسْتَوَىٰ عَلَى ٱلْعَرْشِ ۖ مَا لَكُم مِّن دُونِهِۦ مِن وَلِىٍّ وَلَا شَفِيعٍ ۚ أَفَلَا تَتَذَكَّرُونَ ﴿٤﴾

4. Si Allah ang lumikha ng kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito sa anim na Araw; at pagkaraan, Siya ay nag-*Istawa* (pumaitaas) sa *Al-'Arsh* (Luklukan o Trono). Kayo (O sangkatauhan) ay wala ng iba pang *Wali* (Tagapangalaga, Tagapagtanggol) at tagapamagitan (sa inyo) maliban sa Kanya. Hindi baga kayo makakaala-ala?

يُدَبِّرُ ٱلْأَمْرَ مِنَ ٱلسَّمَآءِ إِلَى ٱلْأَرْضِ ثُمَّ يَعْرُجُ إِلَيْهِ فِى يَوْمٍ كَانَ مِقْدَارُهُۥٓ أَلْفَ سَنَةٍ مِّمَّا تَعُدُّونَ ﴿٥﴾

5. Siya ang namamahala (sa bawat) pangyayari mula sa kalangitan tungo sa kalupaan; at ito (ang pangyayari) ay pumapailanglang o umaakyat sa Kanya sa Araw (ng Paghuhukom), na ang (katumbas ng isang araw dito) ay katulad ng isang libong taon sa inyong pagbilang (alalaong baga, ang pagbibilang ayon sa ating pangkasalukuyang oras sa mundong ito).

ذَٰلِكَ عَٰلِمُ ٱلْغَيْبِ وَٱلشَّهَٰدَةِ ٱلْعَزِيزُ ٱلرَّحِيمُ ﴿٦﴾

6. Siya (si Allah), ang Ganap na Nakakaalam ng lahat ng bagay na nakalingid at lantad, ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Pinakamaawain.

7. Siya na lumikha ng lahat ng bagay sa pinakamainam na paraan at sinimulan Niya ang paglikha sa tao mula sa putik.

ٱلَّذِىٓ أَحْسَنَ كُلَّ شَىْءٍ خَلَقَهُۥ ۖ وَبَدَأَ خَلْقَ ٱلْإِنسَٰنِ مِن طِينٍ ﴿٧﴾

8. At ginawa Niya ang kanyang mga supling mula sa tubig (katas ng semilya ng lalaki at babae) na lubhang aba (mahina o walang halaga).

ثُمَّ جَعَلَ نَسْلَهُۥ مِن سُلَٰلَةٍ مِّن مَّآءٍ مَّهِينٍ ﴿٨﴾

9. At Kanyang hinubog siya sa ganap na sukat, at hiningahan Niya ito ng Kanyang espiritu (ang kaluluwa na nilikha ni Allah sa gayong tao), at iginawad Niya sa inyo ang pandinig (tainga), paningin (mata) at pang-unawa (puso). Kakarampot lamang (sa inyo) ang nagbibigay ng pasasalamat!

ثُمَّ سَوَّىٰهُ وَنَفَخَ فِيهِ مِن رُّوحِهِۦ ۖ وَجَعَلَ لَكُمُ ٱلسَّمْعَ وَٱلْأَبْصَٰرَ وَٱلْأَفْـِٔدَةَ ۚ قَلِيلًا مَّا تَشْكُرُونَ ﴿٩﴾

10. At sila ay nagsasabi: "Ano! Kung kami ay pumanaw, matago at mawala sa kalupaaan, kami baga ay lilikhaing muli?" Hindi, datapuwa't itinatakwil nila ang Pakikipagtipan sa kanilang Panginoon!

وَقَالُوٓا۟ أَءِذَا ضَلَلْنَا فِى ٱلْأَرْضِ أَءِنَّا لَفِى خَلْقٍ جَدِيدٍۭ ۚ بَلْ هُم بِلِقَآئِ رَبِّهِمْ كَٰفِرُونَ ﴿١٠﴾

11. Ipagbadya: "Ang anghel ng kamatayan na nakatalaga sa inyo ay (walang pagsalang) magtatangan ng inyong kaluluwa; at kayo ay muling ibabalik sa inyong Panginoon."

قُلْ يَتَوَفَّىٰكُم مَّلَكُ ٱلْمَوْتِ ٱلَّذِى وُكِّلَ بِكُمْ ثُمَّ إِلَىٰ رَبِّكُمْ تُرْجَعُونَ ﴿١١﴾

12. At kung inyo lamang mapagmamasdan ang *Mujrimun* (mga makasalanan, walang pananampalataya, kriminal, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah) ay magyuyukod ng kanilang ulo sa harapan ng kanilang Panginoon, (na nagsasabi): "Aming Panginoon! Aming napagmasdan at aming napakinggan (ang aming kamalian); kaya't kami ay muli Ninyong ibalik (sa kalupaan); kami ay magiging matuwid at gagawa ng kabutihan. Katotohanan! Kami ngayon ay sumasampalataya ng walang alinlangan."

وَلَوْ تَرَىٰٓ إِذِ ٱلْمُجْرِمُونَ نَاكِسُوا۟ رُءُوسِهِمْ عِندَ رَبِّهِمْ رَبَّنَآ أَبْصَرْنَا وَسَمِعْنَا فَٱرْجِعْنَا نَعْمَلْ صَٰلِحًا إِنَّا مُوقِنُونَ ﴿١٢﴾

13. Kung Amin lamang ninais; walang pagsala, na mabibigyan Namin ang bawat kaluluwa ng tamang patnubay; datapuwa't ang Salita (Kapasiyahan) mula sa Akin ay makapangyayari (sa mga mapaggawa ng kasalanan): "Aking pupunuin ang Impiyerno na magkasama ang mga *Jinn* at mga tao."

وَلَوْ شِئْنَا لَءَاتَيْنَا كُلَّ نَفْسٍ هُدَىٰهَا وَلَٰكِنْ حَقَّ ٱلْقَوْلُ مِنِّى لَأَمْلَأَنَّ جَهَنَّمَ مِنَ ٱلْجِنَّةِ وَٱلنَّاسِ أَجْمَعِينَ ﴿١٣﴾

فَذُوقُوا۟ بِمَا نَسِيتُمْ لِقَآءَ يَوْمِكُمْ هَٰذَآ إِنَّا نَسِينَٰكُمْ ۖ وَذُوقُوا۟ عَذَابَ ٱلْخُلْدِ بِمَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿١٤﴾

14. "Kaya't lasapin ninyo (ang kaparusahan ng Apoy), sapagkat inyong kinalimutan ang inyong Pakikipagtipan sa Araw na ito; katotohanang (sa gayunding paraan) ay Aming kinalimutan kayo. At inyong lasapin ang kaparusahan ng kawalang-hanggan dahilan sa inyong nakahiratihan nang ginagawa!"

إِنَّمَا يُؤْمِنُ بِـَٔايَٰتِنَا ٱلَّذِينَ إِذَا ذُكِّرُوا۟ بِهَا خَرُّوا۟ سُجَّدًا وَسَبَّحُوا۟ بِحَمْدِ رَبِّهِمْ وَهُمْ لَا يَسْتَكْبِرُونَ ﴿١٥﴾ ۩

15. Sila lamang na naniniwala sa Aming *Ayat* (mga talata, tanda, kapahayagan, katibayan, aral); sila nga, na kung sila ay pinapaalalahanan dito ay lumulugmok sa pagpapatirapa at lumuluwalhati ng may pagpupuri sa kanilang Panginoon, at sila ay hindi nagmamataas sa kapalaluan.

تَتَجَافَىٰ جُنُوبُهُمْ عَنِ ٱلْمَضَاجِعِ يَدْعُونَ رَبَّهُمْ خَوْفًا وَطَمَعًا وَمِمَّا رَزَقْنَٰهُمْ يُنفِقُونَ ﴿١٦﴾

16. Iniiwan nila ang kanilang mga higaan (sa pag-aalay ng *Salah* [takdang pagdarasal] sa hatinggabi o bago sumapit ang madaling araw), na nananalangin sa kanilang Panginoon sa pangangamba at pag-asa; at gumugugol sila sa kawanggawa (tungo sa kapakanan ni Allah) mula sa biyaya na Aming ipinagkaloob sa kanila.

فَلَا تَعْلَمُ نَفْسٌ مَّآ أُخْفِىَ لَهُم مِّن قُرَّةِ أَعْيُنٍ جَزَآءًۢ بِمَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿١٧﴾

17. At walang kaluluwa ang nakakaalam kung ano ang kaginhawahan ng mga mata na inilingid sa kanila, bilang gantimpala sa kinahiratihan na nilang ginagawa (na mababuti).

أَفَمَن كَانَ مُؤْمِنًا كَمَن كَانَ فَاسِقًا ۚ لَّا يَسْتَوُۥنَ ﴿١٨﴾

18. Siya kaya na isang nananampalataya ay katulad niya na isang *Fasiq* (walang pananampalataya at palasuway kay Allah)? Sila ay hindi magkatulad.

أَمَّا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ فَلَهُمْ جَنَّٰتُ ٱلْمَأْوَىٰ نُزُلًۢا بِمَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿١٩﴾

19. At sa mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at nagsisigawa ng katuwiran at kabutihan, sasakanila ang mga Halamanan (Paraiso) bilang maasikasong tahanan dahilan sa kanilang (mababuting) gawa.

وَأَمَّا ٱلَّذِينَ فَسَقُوا۟ فَمَأْوَىٰهُمُ ٱلنَّارُ ۖ كُلَّمَآ أَرَادُوٓا۟ أَن يَخْرُجُوا۟ مِنْهَآ أُعِيدُوا۟ فِيهَا وَقِيلَ لَهُمْ ذُوقُوا۟ عَذَابَ ٱلنَّارِ ٱلَّذِى كُنتُم بِهِۦ تُكَذِّبُونَ ﴿٢٠﴾

20. At sa kanila na *Fasiqun* (mga walang pananalig, palasuway kay Allah) ang kanilang tirahan ay Apoy; sa bawat sandali na naisin nila na makalayo rito, sila ay sapilitang ibabalik dito, at sa kanila ay ipagbabadya: "Lasapin ninyo ang kaparusahan ng Apoy na kinahiratihan na ninyong itinatakwil."

21. At katotohanang hahayaan Namin na lasapin nila ang magaan na pagpaparusa (alalaong baga, ang kaparusahan sa mundong ito tulad ng mga kalamidad, kapinsalaan at kasiphayuhan) bago Namin ibigay ang kasakit-sakit na kaparusahan (sa Kabilang Buhay), baka sakaling sila ay (magtika) at magbalik-loob (at tumanggap sa Islam).

وَلَنُذِيقَنَّهُم مِّنَ ٱلْعَذَابِ ٱلْأَدْنَىٰ دُونَ ٱلْعَذَابِ ٱلْأَكْبَرِ لَعَلَّهُمْ يَرْجِعُونَ ﴿٢١﴾

22. At sino pa kaya ang higit na nagkamali kaysa sa kanya, na pinaalalahanan ng mga talata ng kanyang Panginoon, (nguni't) siya ay tumanggi rito? Katotohanang Kami ay gaganti sa *Mujrimun* (mga kriminal, walang pananampalataya, mapagsamba sa diyus-diyosan at mga makasalanan).

وَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّن ذُكِّرَ بِـَٔايَـٰتِ رَبِّهِۦ ثُمَّ أَعْرَضَ عَنْهَآ ۚ إِنَّا مِنَ ٱلْمُجْرِمِينَ مُنتَقِمُونَ ﴿٢٢﴾

23. At katiyakang Aming ibinigay ang Kasulatan (*Torah*, ang mga Batas) kay Moises; kaya't huwag kang (Muhammad) mag-alinlangan na makakatagpo mo siya (alalaong baga, kung iyong makatagpo si Moises sa panahon ng Gabi ng *Al-Isra* at *Al-Miraj* sa ibabaw ng kalangitan); at ginawa Namin ito (ang *Torah*, ang mga Batas) na isang patnubay sa Angkan ng Israel.

وَلَقَدْ ءَاتَيْنَا مُوسَى ٱلْكِتَـٰبَ فَلَا تَكُن فِى مِرْيَةٍ مِّن لِّقَآئِهِۦ ۖ وَجَعَلْنَـٰهُ هُدًى لِّبَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ ﴿٢٣﴾

24. At Aming hinirang mula sa kanila (Angkan ng Israel) ang mga Pinuno na nagbibigay sa kanila ng mga patnubay ayon sa Aming Pag-uutos, habang sila ay nagtitiyaga at patuloy na nananampalataya sa Aming *Ayat* (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral).

وَجَعَلْنَا مِنْهُمْ أَئِمَّةً يَهْدُونَ بِأَمْرِنَا لَمَّا صَبَرُوا۟ ۖ وَكَانُوا۟ بِـَٔايَـٰتِنَا يُوقِنُونَ ﴿٢٤﴾

25. Katotohanan, ang iyong Panginoon ang hahatol sa pagitan nila sa Araw ng Muling Pagkabuhay tungkol sa mga bagay na hindi nila pinagkakasunduan (pinagtatalunan sa isa't isa).

إِنَّ رَبَّكَ هُوَ يَفْصِلُ بَيْنَهُمْ يَوْمَ ٱلْقِيَـٰمَةِ فِيمَا كَانُوا۟ فِيهِ يَخْتَلِفُونَ ﴿٢٥﴾

26. Ito baga ay hindi nagdudulot sa kanila ng aral; kung gaano karaming sali't saling lahi ang Aming winasak noon na una pa sa kanila, na ang kanilang mga tirahan ay kanilang dinadaan-daanan? Katotohanang naririto ang mga Tanda; hindi baga sila makikinig?

أَوَلَمْ يَهْدِ لَهُمْ كَمْ أَهْلَكْنَا مِن قَبْلِهِم مِّنَ ٱلْقُرُونِ يَمْشُونَ فِى مَسَـٰكِنِهِمْ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَـَٔايَـٰتٍ ۖ أَفَلَا يَسْمَعُونَ ﴿٢٦﴾

27. At hindi baga nila napagmamasdan na Aming itinataboy ang tubig sa tigang na lupa

أَوَلَمْ يَرَوْا۟ أَنَّا نَسُوقُ ٱلْمَآءَ إِلَى ٱلْأَرْضِ

(na hubad sa halaman), at pinatutubo Namin dito ang pananim na nagsisilbing pagkain sa kanila at sa kanilang hayupan (bakahan)? Wala ba silang paningin?

أَلْجُرُزِ فَنُخْرِجُ بِهِۦ زَرْعًا تَأْكُلُ مِنْهُ أَنْعَٰمُهُمْ وَأَنفُسُهُمْ ۖ أَفَلَا يُبْصِرُونَ ﴿٢٧﴾

28. At sila ay nagsasabi: "Hanggang kailan ang Pagpapasyang ito (sa pagitan namin at ikaw, alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay), kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan?"

وَيَقُولُونَ مَتَىٰ هَٰذَا ٱلْفَتْحُ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿٢٨﴾

29. Ipagbadya: "Sa Araw ng Pagpapasya (ang Araw ng Muling Pagkabuhay), ay walang kapakinabangan sa mga hindi nananampalataya kahit na sila (sa bandang huli) ay manalig! Sila rin ay hindi bibigyan ng palugit."

قُلْ يَوْمَ ٱلْفَتْحِ لَا يَنفَعُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ إِيمَٰنُهُمْ وَلَا هُمْ يُنظَرُونَ ﴿٢٩﴾

30. Kaya't lumayo ka sa kanila (O Muhammad) at maghintay; katotohanang sila (rin) ay naghihintay.

فَأَعْرِضْ عَنْهُمْ وَٱنتَظِرْ إِنَّهُم مُّنتَظِرُونَ ﴿٣٠﴾

Surah 33

Surat Al-Ahzab
(Ang Magkakaanib)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّبِيُّ ٱتَّقِ ٱللَّهَ وَلَا تُطِعِ ٱلْكَٰفِرِينَ وَٱلْمُنَٰفِقِينَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ عَلِيمًا حَكِيمًا ﴿١﴾

1. O Propeta (Muhammad)! Pangambahan mo si Allah at huwag mong pakinggan ang mga hindi sumasampalataya at mga *Munafik* (alalaong baga, mapagbalatkayo [mapagkunwari]). Katotohanang si Allah ay Ganap na Maalam, ang Tigib ng Karunungan.

وَٱتَّبِعْ مَا يُوحَىٰٓ إِلَيْكَ مِن رَّبِّكَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ بِمَا تَعْمَلُونَ خَبِيرًا ﴿٢﴾

2. At iyong sundin ang anumang ipinanaog sa iyo na inspirasyon mula sa iyong Panginoon. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakaalam (ng lahat) ng inyong ginagawa.

وَتَوَكَّلْ عَلَى ٱللَّهِ ۚ وَكَفَىٰ بِٱللَّهِ وَكِيلًا ﴿٣﴾

3. At ibigay mo ang iyong pagtitiwala kay Allah, at Sapat na si Allah bilang *Wakil* (Tagapamahala, Mapagkakatiwalaan at Tagapagpatupad ng lahat ng mga pangyayari).

مَّا جَعَلَ ٱللَّهُ لِرَجُلٍ مِّن قَلْبَيْنِ فِى جَوْفِهِۦ ۚ وَمَا جَعَلَ أَزْوَٰجَكُمُ ٱلَّٰٓـِٔى تُظَٰهِرُونَ مِنْهُنَّ أُمَّهَٰتِكُمْ ۚ وَمَا جَعَلَ أَدْعِيَآءَكُمْ أَبْنَآءَكُمْ ۚ ذَٰلِكُمْ قَوْلُكُم بِأَفْوَٰهِكُمْ ۖ وَٱللَّهُ يَقُولُ ٱلْحَقَّ وَهُوَ يَهْدِى ٱلسَّبِيلَ ﴿٤﴾

4. Si Allah ay hindi naglagay sa sinumang tao ng dalawang puso sa kanyang dibdib, gayundin naman ay hindi Niya ginawa ang inyong asawang (babae) na inyong dinidiborsyo sa pamamagitan ng *Zihar* [Ang pagsasabi sa asawang babae ng: "Ikaw ay katulad ng aking ina."], na (maging) inyong tunay na ina, at hindi rin Niya ginawa ang inyong mga ampong lalaki (na maging) inyong tunay na mga anak na lalaki. Ito ay isa lamang sinasambit ng inyong bibig. Datapuwa't si Allah (sa inyo) ay nagsasabi ng Katotohanan, at Siya ang nagtuturo ng (tamang) Landas.

ٱدْعُوهُمْ لِءَابَآئِهِمْ هُوَ أَقْسَطُ عِندَ ٱللَّهِ ۚ فَإِن لَّمْ تَعْلَمُوٓا۟ ءَابَآءَهُمْ فَإِخْوَٰنُكُمْ فِى ٱلدِّينِ وَمَوَٰلِيكُمْ ۚ وَلَيْسَ عَلَيْكُمْ جُنَاحٌ فِيمَآ

5. Inyong tawagin sila (mga ampong lalaki) sa pangalan ng kanilang (tunay) na ama (alalaong baga, isunod sa kanilang apelyido), ito ay higit na makatarungan sa Paningin ni Allah. At kung

hindi ninyo alam ang pangalan ng kanilang ama, (kung gayon, sila pa rin) ay inyong kapatid sa pananampalataya at yaong ipinagkatiwala sa inyo, at walang maisusumbat (o paninisi) sa inyo (sa mga bagay) na kayo ay nagkamali rito, maliban na lamang sa saloobin ng inyong puso; at si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

أَخْطَأْتُم بِهِۦ وَلَٰكِن مَّا تَعَمَّدَتْ قُلُوبُكُمْ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ غَفُورًا رَّحِيمًا ﴿٥﴾

6. Ang Propeta ay higit na karapat-dapat (sa pagsunod at pagkamatapat) ng mga sumasampalataya nang higit sa kanilang sarili, at ang kanyang mga asawa ay kanilang (mga sumasampalataya) mga ina (kung tungkol sa paggalang at pag-aasawa). At sila na may pagkakaugnayan (sa dugo, o pagkakamag-anak) ay higit na may karapatan (sa pamana) ayon sa Kautusan ni Allah kaysa (sa iba pang) mga sumasampalataya at *Muhajirun* (mga tao na nagsilikas sa Madinah mula sa Makkah), maliban pa (rito) ay inyong magagawa sa inyong pinakamalapit na kaibigan (o kasama) ang inyong kabaitan (sa pamamagitan ng pagbibigay o pagpapamana). Ito ang nasusulat sa *Lauh Al-Mahfuz* (ang Napapangalagaang Tableta [Kasulatan]).

ٱلنَّبِىُّ أَوْلَىٰ بِٱلْمُؤْمِنِينَ مِنْ أَنفُسِهِمْ ۖ وَأَزْوَٰجُهُۥٓ أُمَّهَٰتُهُمْ ۗ وَأُو۟لُوا۟ ٱلْأَرْحَامِ بَعْضُهُمْ أَوْلَىٰ بِبَعْضٍ فِى كِتَٰبِ ٱللَّهِ مِنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ وَٱلْمُهَٰجِرِينَ إِلَّآ أَن تَفْعَلُوٓا۟ إِلَىٰٓ أَوْلِيَآئِكُم مَّعْرُوفًا ۚ كَانَ ذَٰلِكَ فِى ٱلْكِتَٰبِ مَسْطُورًا ﴿٦﴾

7. (At alalahanin) nang Aming hingin sa mga Propeta ang kanilang Kasunduan, at mula sa iyo (O Muhammad), at mula kay Noah, Abraham, Moises at Hesus na anak ni Maria; hiningi Namin sa kanila ang isang sagradong Kasunduan.

وَإِذْ أَخَذْنَا مِنَ ٱلنَّبِيِّـۧنَ مِيثَٰقَهُمْ وَمِنكَ وَمِن نُّوحٍ وَإِبْرَٰهِيمَ وَمُوسَىٰ وَعِيسَى ٱبْنِ مَرْيَمَ ۖ وَأَخَذْنَا مِنْهُم مِّيثَٰقًا غَلِيظًا ﴿٧﴾

8. Upang (si Allah) ay makapagtanong sa mga Sugo hinggil sa kanilang Katapatan (alalaong baga, si Allah ay magtatanong sa mga propeta kung ano ang kanilang ipinarating sa mga tao at ano ang kanilang naging pagtanggap o tugon). At Kanyang inihanda sa mga hindi sumasampalataya ang isang kasakit-sakit na kaparusahan (ang Impiyerno).

لِّيَسْـَٔلَ ٱلصَّٰدِقِينَ عَن صِدْقِهِمْ ۚ وَأَعَدَّ لِلْكَٰفِرِينَ عَذَابًا أَلِيمًا ﴿٨﴾

9. O kayong nagsisisampalataya! Alalahanin ang Kagandahang-Loob (Tulong) ni Allah sa inyo (sa digmaan ng *Ahzab* [pederasyon]), nang may dumatal sa inyo na maraming mandirigma

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱذْكُرُوا۟ نِعْمَةَ ٱللَّهِ عَلَيْكُمْ إِذْ جَآءَتْكُمْ جُنُودٌ فَأَرْسَلْنَا عَلَيْهِمْ رِيحًا وَجُنُودًا

(mga tropa) [na makapapanaig sa inyo], datapuwa't ipinadala Namin laban sa kanila ang daluyong at mga tropa (ng anghel) na hindi ninyo nakikita. At si Allah ang Ganap na Nakamamasid sa lahat ninyong ginagawa.

لَّمْ تَرَوْهَا ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ بَصِيرًا ﴿٩﴾

10. Nang sila ay dumating sa inyo mula sa itaas ninyo (sa bandang silangan), at mula sa ibaba ninyo (sa bandang kanluran), at nang ang inyong mga mata ay lumaki na namumulagat (dahil sa takot) at ang puso ay naghikab sa lalamunan, at (dahil dito) kayo ay nag-iisip ng may pag-aalinlangan kay Allah.

إِذْ جَآءُوكُم مِّن فَوْقِكُمْ وَمِنْ أَسْفَلَ مِنكُمْ وَإِذْ زَاغَتِ ٱلْأَبْصَٰرُ وَبَلَغَتِ ٱلْقُلُوبُ ٱلْحَنَاجِرَ وَتَظُنُّونَ بِٱللَّهِ ٱلظُّنُونَا ﴿١٠﴾

11. Sa gayong kalagayan, ang mga sumasampalataya ay sinubukan at nauga ng matinding pagkalog.

هُنَالِكَ ٱبْتُلِىَ ٱلْمُؤْمِنُونَ وَزُلْزِلُوا۟ زِلْزَالًا شَدِيدًا ﴿١١﴾

12. At (alalahanin) nang ang mga *Munafik* (mapagkunwari) at sila na ang puso ay may karamdaman (ng pag-aalinlangan at kawalan ng pananampalataya) ay nagsabi: "Si Allah at ang Kanyang Sugo ay walang ipinangako sa atin maliban sa kahibangan!"

وَإِذْ يَقُولُ ٱلْمُنَٰفِقُونَ وَٱلَّذِينَ فِى قُلُوبِهِم مَّرَضٌ مَّا وَعَدَنَا ٱللَّهُ وَرَسُولُهُۥٓ إِلَّا غُرُورًا ﴿١٢﴾

13. At nang ang isang pangkat sa kanila ay nagsabi: "O kayong taga-Yathrib (Madinah)! Wala kayong kapanatagan (dito), kaya't magsibalik kayo (sa inyong tahanan)!" At ang isang pangkat sa kanila ay nagpaalam sa Propeta na nagsasabi: "Katotohanan, ang aming tahanan ay nakabuyangyang (alalaong baga, hindi napapangalagaan o walang nagbabantay)", bagama't ito ay hindi nakabuyangyang; wala silang hinahangad na iba maliban na (sila) ay makatalilis.

وَإِذْ قَالَت طَّآئِفَةٌ مِّنْهُمْ يَٰٓأَهْلَ يَثْرِبَ لَا مُقَامَ لَكُمْ فَٱرْجِعُوا۟ ۚ وَيَسْتَـْٔذِنُ فَرِيقٌ مِّنْهُمُ ٱلنَّبِىَّ يَقُولُونَ إِنَّ بُيُوتَنَا عَوْرَةٌ ۛ وَمَا هِىَ بِعَوْرَةٍ ۛ إِن يُرِيدُونَ إِلَّا فِرَارًا ﴿١٣﴾

14. At kung ang kaaway ay nakapasok na sa lahat ng sulok (ng Madinah), at sila ay hinihikayat sa *Fitnah* (alalaong baga, ang magbalik sa kawalan ng pananampalataya at sumamba sa mga diyus-diyosan), sila ay hindi mag-aatubili na magsagawa nito maliban sa sandaling (panahon lamang).

وَلَوْ دُخِلَتْ عَلَيْهِم مِّنْ أَقْطَارِهَا ثُمَّ سُئِلُوا۟ ٱلْفِتْنَةَ لَـَٔاتَوْهَا وَمَا تَلَبَّثُوا۟ بِهَآ إِلَّا يَسِيرًا ﴿١٤﴾

15. At katotohanang sila ay nagsigawa na ng Kasunduan kay Allah na hindi sila tatalikod, at ang Kasunduan kay Allah ay dapat na panagutan.

وَلَقَدْ كَانُوا۟ عَٰهَدُوا۟ ٱللَّهَ مِن قَبْلُ لَا يُوَلُّونَ ٱلْأَدْبَٰرَ ۚ وَكَانَ عَهْدُ ٱللَّهِ مَسْـُٔولًا ﴿١٥﴾

قُل لَّن يَنفَعَكُمُ ٱلْفِرَارُ إِن فَرَرْتُم مِّنَ ٱلْمَوْتِ أَوِ ٱلْقَتْلِ وَإِذًا لَّا تُمَتَّعُونَ إِلَّا قَلِيلًا ﴿١٦﴾

16. Ipagbadya (O Muhammad, sa mga mapagkunwari na humihingi ng iyong pahintulot na makaalis sa iyo): "Ang pagtalilis ay walang kapakinabangan sa inyo kung kayo ay tumatalilis sa kamatayan o sa pagkapaslang, kayo ay magtatamasa lamang ng kaligayahan sa maigsing sandali!"

قُلْ مَن ذَا ٱلَّذِى يَعْصِمُكُم مِّنَ ٱللَّهِ إِنْ أَرَادَ بِكُمْ سُوٓءًا أَوْ أَرَادَ بِكُمْ رَحْمَةً ۚ وَلَا يَجِدُونَ لَهُم مِّن دُونِ ٱللَّهِ وَلِيًّا وَلَا نَصِيرًا ﴿١٧﴾

17. Ipagbadya: "Sino kaya baga ang makapangangalaga sa inyo laban kay Allah kung Kanyang naisin na gawaran kayo ng kapinsalaan o bigyan kayo ng (Kanyang) habag? At sila ay hindi makakatagpo ng anumang *Wali* (Tagapangalaga at Tagapagtanggol) sa kanilang sarili maliban kay Allah.

۞ قَدْ يَعْلَمُ ٱللَّهُ ٱلْمُعَوِّقِينَ مِنكُمْ وَٱلْقَآئِلِينَ لِإِخْوَٰنِهِمْ هَلُمَّ إِلَيْنَا ۖ وَلَا يَأْتُونَ ٱلْبَأْسَ إِلَّا قَلِيلًا ﴿١٨﴾

18. Katotohanang nababatid ni Allah kung sino sa inyo ang pumipigil sa mga tao na makipaglaban sa Kapakanan ni Allah, at sila (na mapagkunwari) na nagsasabi sa kanyang mga kapatid ng: "Sumama kayo sa amin (sa halip na sumama kayo sa Propeta)", at sila ay hindi pumupunta sa labanan, maliban sa iilan,

أَشِحَّةً عَلَيْكُمْ ۖ فَإِذَا جَآءَ ٱلْخَوْفُ رَأَيْتَهُمْ يَنظُرُونَ إِلَيْكَ تَدُورُ أَعْيُنُهُمْ كَٱلَّذِى يُغْشَىٰ عَلَيْهِ مِنَ ٱلْمَوْتِ ۖ فَإِذَا ذَهَبَ ٱلْخَوْفُ سَلَقُوكُم بِأَلْسِنَةٍ حِدَادٍ أَشِحَّةً عَلَى ٱلْخَيْرِ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ لَمْ يُؤْمِنُوا۟ فَأَحْبَطَ ٱللَّهُ أَعْمَٰلَهُمْ ۚ وَكَانَ ذَٰلِكَ عَلَى ٱللَّهِ يَسِيرًا ﴿١٩﴾

19. Na maramot sa pakikitungo sa inyo (kung pag-uusapan ang tulong sa kapakanan ni Allah). At kung sumapit na ang pangamba, ay iyong makikita sila na nakatitig sa iyo, na ang kanilang mga mata ay namimilog na katulad ng isang nag-aagaw-buhay. Datapuwa't kung ang pangamba ay nakalipas na, kayo ay hinahagupit (pinagsasabihan) nila ng (kanilang) matatalim na dila, (sila ay) di-nahihilig tungo sa paggawa (ng anumang) mabuti. Sila ay hindi sumampalataya, kaya't itinuring ni Allah na ang kanilang mga gawa ay walang katuturan; at ito ay lagi nang magaan kay Allah.

يَحْسَبُونَ ٱلْأَحْزَابَ لَمْ يَذْهَبُوا۟ ۖ وَإِن يَأْتِ ٱلْأَحْزَابُ يَوَدُّوا۟ لَوْ أَنَّهُم بَادُونَ فِى ٱلْأَعْرَابِ يَسْـَٔلُونَ عَنْ أَنۢبَآئِكُمْ ۖ وَلَوْ كَانُوا۟ فِيكُم مَّا قَٰتَلُوٓا۟ إِلَّا قَلِيلًا ﴿٢٠﴾

20. Inaakala nila na ang magkakaanib (pederasyon) ay hindi pa nagsiurong; at kung ang magkakaanib (pederasyon) ay muling dumating, ay nanaisin nila na sila ay nasa disyerto (na namamayagpag) sa gitna ng mga *Bedouin* (mga Arabong nananahan sa disyerto), at naghahanap ng balita tungkol sa inyo (mula sa malayong lugar), at kung (mangyari) na sila ay nasa lipon ninyo, sila ay hindi lalaban maliban sa kakarampot lamang.

لَّقَدْ كَانَ لَكُمْ فِي رَسُولِ اللَّهِ أُسْوَةٌ حَسَنَةٌ لِّمَن كَانَ يَرْجُو اللَّهَ وَالْيَوْمَ الْآخِرَ وَذَكَرَ اللَّهَ كَثِيرًا ﴿٢١﴾

21. Katiyakang nasa sa inyo sa Sugo ni Allah (Muhammad) ang isang mahusay na halimbawa (o pamantayan upang sundin) ng sinuman na umaasa (sa Pakikipagtipan) kay Allah at sa Huling Araw, at (siya) na lagi nang nag-aala-ala kay Allah.

وَلَمَّا رَأَى الْمُؤْمِنُونَ الْأَحْزَابَ قَالُوا هَٰذَا مَا وَعَدَنَا اللَّهُ وَرَسُولُهُ وَصَدَقَ اللَّهُ وَرَسُولُهُ ۚ وَمَا زَادَهُمْ إِلَّا إِيمَانًا وَتَسْلِيمًا ﴿٢٢﴾

22. At nang makita ng mga nananampalataya ang lipon ng magkakaanib na kaaway (pederasyon), sila ay nagsabi: "Ito ang ipinangako sa atin ni Allah at ng Kanyang Sugo (Muhammad), at si Allah at ang Kanyang Sugo (Muhammad) ay nagsabi ng katotohanan." At ito ay lalo pang nakapagdagdag sa kanilang pananampalataya at pagtanggap (kay Allah).

مِّنَ الْمُؤْمِنِينَ رِجَالٌ صَدَقُوا مَا عَاهَدُوا اللَّهَ عَلَيْهِ ۖ فَمِنْهُم مَّن قَضَىٰ نَحْبَهُ وَمِنْهُم مَّن يَنتَظِرُ ۖ وَمَا بَدَّلُوا تَبْدِيلًا ﴿٢٣﴾

23. Kabilang sa mga nananampalataya ay mga lalaki na naging tapat sa kanilang kasunduan kay Allah (alalaong baga, sila ay pumalaot sa maka-Diyos [Banal] na digmaan [*Jihad*] at hindi sila tumalikod sa mga hindi nananampalataya); ang iba sa kanila ay nakatupad sa kanilang mga tungkulin (alalaong baga, namatay sa labanan at naging martir), at ang iba sa kanila ay naghihintay pa rin (ng kanilang kamatayan). At hindi nila binago (ang kundisyon ng kanilang pangakong pakikipagpunyagi) sa anupamang kaparaanan (alalaong baga, sila ay hindi naging taksil sa kasunduan na kanilang ginawa kay Allah).

لِّيَجْزِيَ اللَّهُ الصَّادِقِينَ بِصِدْقِهِمْ وَيُعَذِّبَ الْمُنَافِقِينَ إِن شَاءَ أَوْ يَتُوبَ عَلَيْهِمْ ۚ إِنَّ اللَّهَ كَانَ غَفُورًا رَّحِيمًا ﴿٢٤﴾

24. Upang magantimpalaan ni Allah ang mga matatapat sa kanilang pagiging makatotohanan at parusahan (Niya) ang mga mapagkunwari kung ito ay Kanyang naisin o tanggapin ang kanilang pagsisisi. Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَرَدَّ اللَّهُ الَّذِينَ كَفَرُوا بِغَيْظِهِمْ لَمْ يَنَالُوا خَيْرًا ۚ وَكَفَى اللَّهُ الْمُؤْمِنِينَ الْقِتَالَ ۚ وَكَانَ اللَّهُ قَوِيًّا عَزِيزًا ﴿٢٥﴾

25. At itinaboy ni Allah ang mga hindi sumasampalataya, (na nag-aapoy) sa galit (alalaong baga, sila ay dali-daling umatras sa labanan); wala silang napalang kapakinabangan (sa mga labi ng digmaan, yaman); at sapat na si Allah (bilang tagapagtanggol) ng mga sumasampalataya upang makipaglaban (sa pamamagitan ng pagsusugo ng daluyong at pulutong ng anghel). At si Allah ay Tigib ng Lakas, ang Sukdol sa Kapangyarihan.

وَأَنزَلَ ٱلَّذِينَ ظَٰهَرُوهُم مِّنْ أَهْلِ ٱلْكِتَٰبِ مِن صَيَاصِيهِمْ وَقَذَفَ فِى قُلُوبِهِمُ ٱلرُّعْبَ فَرِيقًا تَقْتُلُونَ وَتَأْسِرُونَ فَرِيقًا ﴿٢٦﴾

26. At yaong mga tao na tumulong sa kanila na galing sa mga Tao ng Kasulatan (ang Tribu ng Hudyo ng Banu Quraiza na hindi sumasampalataya) ay kinupot ni Allah sa kanilang mga tanggulan (kanlungan, kastilyo o moog sa silangang bahagi ng Madinah), at naghasik Siya ng lagim sa kanilang puso, (kaya't) ang isang pangkat (nila, ang kalalakihan) ay inyong napatay, at ang ibang pangkat (nila, ang kababaihan at mga bata) ay inyong naging bihag.

وَأَوْرَثَكُمْ أَرْضَهُمْ وَدِيَٰرَهُمْ وَأَمْوَٰلَهُمْ وَأَرْضًا لَّمْ تَطَـُٔوهَا ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرًا ﴿٢٧﴾

27. At Kanyang ipinamana sa inyo ang kanilang lupain, kanilang mga tahanan at kanilang mga ari-arian, at maging ang lupa na hindi ninyo napapasyalan noon. At si Allah ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّبِىُّ قُل لِّأَزْوَٰجِكَ إِن كُنتُنَّ تُرِدْنَ ٱلْحَيَوٰةَ ٱلدُّنْيَا وَزِينَتَهَا فَتَعَالَيْنَ أُمَتِّعْكُنَّ وَأُسَرِّحْكُنَّ سَرَاحًا جَمِيلًا ﴿٢٨﴾

28. O Propeta (Muhammad)! Sabihin mo sa iyong mga asawa: "Kung inyong ninanasa ang buhay sa mundong ito at ang kinang (mga palamuti) nito, kung gayon, - kayo ay pumarito (sa akin)! Pagkakalooban ko kayo (ng inyong ikabubuhay) at bibigyan ko kayo ng kalayaan sa magandang paraan (alalaong baga, ang diborsyo).

وَإِن كُنتُنَّ تُرِدْنَ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ وَٱلدَّارَ ٱلْـَٔاخِرَةَ فَإِنَّ ٱللَّهَ أَعَدَّ لِلْمُحْسِنَٰتِ مِنكُنَّ أَجْرًا عَظِيمًا ﴿٢٩﴾

29. Datapuwa't kung ninanais ninyo si Allah at ang Kanyang Sugo at ang tahanan sa Kabilang Buhay, kung gayon, katotohanang si Allah ay naghanda para sa inyo na mapaggawa ng kabutihan ng isang malaking gantimpala.

يَٰنِسَآءَ ٱلنَّبِىِّ مَن يَأْتِ مِنكُنَّ بِفَٰحِشَةٍ مُّبَيِّنَةٍ يُضَٰعَفْ لَهَا ٱلْعَذَابُ ضِعْفَيْنِ ۚ وَكَانَ ذَٰلِكَ عَلَى ٱللَّهِ يَسِيرًا ﴿٣٠﴾

30. O kayong mga asawa ng Propeta! Sinuman sa inyo ang gumawa ng hayag na imoralidad, ang kaparusahan ay magiging dalawang ulit sa kanya, at ito ay lubhang magaan kay Allah.

۞ وَمَن يَقْنُتْ مِنكُنَّ لِلَّهِ وَرَسُولِهِۦ وَتَعْمَلْ صَٰلِحًا نُّؤْتِهَآ أَجْرَهَا مَرَّتَيْنِ وَأَعْتَدْنَا لَهَا رِزْقًا كَرِيمًا ﴿٣١﴾

31. At sinuman sa inyo ang maging matimtiman (at masunurin) kay Allah at sa Kanyang Sugo at gumagawa ng kabutihan (at katuwiran), sa kanya ay Aming ipagkakaloob ang gantimpala ng dalawang ulit, at Aming inihanda sa kanya ang nag-uumapaw na panustos at kasaganaan (ang Paraiso).

يَٰنِسَآءَ ٱلنَّبِىِّ لَسْتُنَّ كَأَحَدٍ مِّنَ ٱلنِّسَآءِ إِنِ

32. O kayong mga asawa ng Propeta! Kayo ay hindi katulad (ng ibang) mga babae; kung kayo

ay nangangamba (kay Allah), huwag kayong maging malambing sa inyong pagsasalita (sa mga lalaki), baka kaya siya na ang puso ay may sakit (alalaong baga, may hangarin ng kalaswaan, pagkukunwari, pakikiapid) ay magnasa (ng kahalayan); datapuwa't mangusap kayo sa kanila ng salitang makatwiran.

إِنِ ٱتَّقَيْتُنَّ فَلَا تَخْضَعْنَ بِٱلْقَوْلِ فَيَطْمَعَ ٱلَّذِى فِى قَلْبِهِۦ مَرَضٌ وَقُلْنَ قَوْلًا مَّعْرُوفًا ﴿٣٢﴾

33. At kayo ay manatili sa inyong tahanan, at huwag kayong gumawa ng nakakaakit na paglalantad ng inyong sarili na kagaya noong panahon ng kamangmangan, at magsipag-alay kayo ng *Salah* (takdang pagdarasal), magbigay ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa) at sundin ninyo si Allah at ang Kanyang Sugo. Hinahangad lamang ni Allah na mawala sa inyo ang pagkapahamak (kasamaan at kasalanan), O kayong mga kapamilya ng Propeta, at gawin kayong dalisay at walang bahid-dungis.

وَقَرْنَ فِى بُيُوتِكُنَّ وَلَا تَبَرَّجْنَ تَبَرُّجَ ٱلْجَٰهِلِيَّةِ ٱلْأُولَىٰ ۖ وَأَقِمْنَ ٱلصَّلَوٰةَ وَءَاتِينَ ٱلزَّكَوٰةَ وَأَطِعْنَ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥٓ ۚ إِنَّمَا يُرِيدُ ٱللَّهُ لِيُذْهِبَ عَنكُمُ ٱلرِّجْسَ أَهْلَ ٱلْبَيْتِ وَيُطَهِّرَكُمْ تَطْهِيرًا ﴿٣٣﴾

34. At inyong alalahanin (O kayong mga kapamilya ng Propeta) ang mga Talata ng Qur'an na dinadalit sa inyong mga tahanan at ang *Hikmah* (Karunungan); katotohanang si Allah ay Ganap na Mapitagan at Lubos na Nakakaalam ng lahat ng bagay.

وَٱذْكُرْنَ مَا يُتْلَىٰ فِى بُيُوتِكُنَّ مِنْ ءَايَٰتِ ٱللَّهِ وَٱلْحِكْمَةِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ لَطِيفًا خَبِيرًا ﴿٣٤﴾

35. Katiyakan, ang mga Muslim na lalaki at mga Muslim na babae, ang mga sumasam-palatayang lalaki at mga sumasampalatayang babae, ang mga masunuring lalaki at mga masunuring babae (kay Allah), ang mga matatapat na lalaki at mga matatapat na babae (na nagsasabi ng katotohanan sa kanilang pananalita at gawa), ang mga matitiyagang lalaki at mga matitiyagang babae (sa pagsasagawa ng lahat ng mga tungkulin na iniatas ni Allah at pag-iwas sa lahat ng Kanyang ipinagbabawal), ang mga mapagkumbabang lalaki at mga mapagkumbabang babae (sa harapan ng kanilang Panginoon, - Allah), ang mga mapagkawanggawang lalaki at mga mapagkawanggawang babae (na nagbibigay ng katungkulang kawanggawa, ang *Zakah*, [gayundin] ang boluntaryong kawanggawa tulad ng limos, tulong), ang mga mapag-ayunong

إِنَّ ٱلْمُسْلِمِينَ وَٱلْمُسْلِمَٰتِ وَٱلْمُؤْمِنِينَ وَٱلْمُؤْمِنَٰتِ وَٱلْقَٰنِتِينَ وَٱلْقَٰنِتَٰتِ وَٱلصَّٰدِقِينَ وَٱلصَّٰدِقَٰتِ وَٱلصَّٰبِرِينَ وَٱلصَّٰبِرَٰتِ وَٱلْخَٰشِعِينَ وَٱلْخَٰشِعَٰتِ وَٱلْمُتَصَدِّقِينَ وَٱلْمُتَصَدِّقَٰتِ وَٱلصَّآئِمِينَ وَٱلصَّٰٓئِمَٰتِ وَٱلْحَٰفِظِينَ فُرُوجَهُمْ وَٱلْحَٰفِظَٰتِ وَٱلذَّٰكِرِينَ ٱللَّهَ كَثِيرًا وَٱلذَّٰكِرَٰتِ ۙ أَعَدَّ ٱللَّهُ لَهُم مَّغْفِرَةً وَأَجْرًا عَظِيمًا ﴿٣٥﴾

lalaki at mga mapag-ayunong babae (na nag-aayuno ng katungkulang pag-aayuno sa buwan ng *Ramadhan* at mga boluntaryong pag-aayuno o *Nawafil*), ang mga (malilinis) na lalaki na nangangalaga sa kanilang maselang bahagi ng katawan at mga (malilinis) na babae na gumagawa ng gayon (nagpapanatili ng kanilang kalinisan sa mga bawal na pakikipagtalik), at ang mga lalaki na lagi nang nag-aala-ala kay Allah at mga (mapag-ala-alang) babae na gumagawa ng gayon (labis na nag-aala-ala kay Allah sa pamamagitan ng kanilang mga dila at puso habang nakaupo, nakatayo at nakahimlay at dumadalit ng mga pagpupuri at pagluwalhati sa Kanya); sa kanila ay inihanda ni Allah ang pagpapatawad at malaking gantimpala (alalaong baga, ang Paraiso).

36. Hindi marapat sa isang nananampalatayang lalaki o isang nananampalatayang babae, na kung ang isang bagay ay napagpasyahan na ni Allah at ng Kanyang Sugo, na magkaroon pa sila (pagkaraan nito) ng anumang pamimilian tungkol sa kanilang pasya; at sinuman ang sumuway kay Allah at sa Kanyang Sugo, katotohanang siya ay napaligaw sa maliwanag na kamalian.

وَمَا كَانَ لِمُؤْمِنٍ وَلَا مُؤْمِنَةٍ إِذَا قَضَى ٱللَّهُ وَرَسُولُهُۥٓ أَمْرًا أَن يَكُونَ لَهُمُ ٱلْخِيَرَةُ مِنْ أَمْرِهِمْ ۗ وَمَن يَعْصِ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ فَقَدْ ضَلَّ ضَلَٰلًا مُّبِينًا ﴿٣٦﴾

37. At alalahanin mo (O Muhammad)! Nang iyong sabihin sa kanya (Zaid ibn Harithah) na nakatanggap ng biyaya mula kay Allah (sa pamamagitan ng patnubay sa kanya sa Islam) at ng iyong paglingap (sa kanya): "Panatilihin mo sa iyo ang iyong asawa (Zainab), at pangambahan mo si Allah", habang iyong ikinukubli sa iyong sarili ang (bagay) na nais na ilantad ni Allah (alalaong baga, ang pag-uutos ni Allah sa Propeta na kanyang pangasawahin si Zainab matapos na siya ay diborsyuhin ni Zaid ibn Harithah). At iyong pinangambahan (O Muhammad) ang mga tao (sa maaari nilang sabihin o isipin), samantalang si Allah ay mayroong higit na karapatan na Siya ay iyong pangambahan. Kaya't nang si Zaid ay wala nang pagnanais (o pangangailangan) sa kanya (kay

وَإِذْ تَقُولُ لِلَّذِىٓ أَنْعَمَ ٱللَّهُ عَلَيْهِ وَأَنْعَمْتَ عَلَيْهِ أَمْسِكْ عَلَيْكَ زَوْجَكَ وَٱتَّقِ ٱللَّهَ وَتُخْفِى فِى نَفْسِكَ مَا ٱللَّهُ مُبْدِيهِ وَتَخْشَى ٱلنَّاسَ وَٱللَّهُ أَحَقُّ أَن تَخْشَىٰهُ ۖ فَلَمَّا قَضَىٰ زَيْدٌ مِّنْهَا وَطَرًا زَوَّجْنَٰكَهَا لِكَىْ لَا يَكُونَ عَلَى ٱلْمُؤْمِنِينَ حَرَجٌ فِىٓ أَزْوَٰجِ أَدْعِيَآئِهِمْ إِذَا قَضَوْا۟ مِنْهُنَّ وَطَرًا ۚ وَكَانَ أَمْرُ ٱللَّهِ مَفْعُولًا ﴿٣٧﴾

Zainab, at kanyang pawalang-bisa ang kanilang kasal sa pamamagitan ng diborsyo), ay Aming pinangasawa ka sa kanya, upang sa gayon, (sa mga darating na panahon) ay wala ng maging pag-aatubili sa mga sumasampalataya tungkol sa pag-aasawa sa (naging) mga asawa ng kanilang mga ampong lalaki, kung (sakaling) sila ay hindi na nagnanais (o nangangailangan) sa kanila (napawalang-bisa na ang kanilang kasal o nadiborsyo na). At ang pag-uutos ni Allah ay marapat na maganap.

مَّا كَانَ عَلَى ٱلنَّبِيِّ مِنْ حَرَجٍ فِيمَا فَرَضَ ٱللَّهُ لَهُۥ ۖ سُنَّةَ ٱللَّهِ فِى ٱلَّذِينَ خَلَوْا۟ مِن قَبْلُ ۚ وَكَانَ أَمْرُ ٱللَّهِ قَدَرًا مَّقْدُورًا ﴿٣٨﴾

38. Hindi isang kasalanan sa Propeta ang anumang bagay na ginawang legal (pinahihintulutan) ni Allah sa kanya. Ito ang Pamamaraan ni Allah sa mga tao (mga Propeta) ng panahong lumipas. At ang Pag-uutos ni Allah ay isang kasasapitan na napagpasyahan na.

ٱلَّذِينَ يُبَلِّغُونَ رِسَٰلَٰتِ ٱللَّهِ وَيَخْشَوْنَهُۥ وَلَا يَخْشَوْنَ أَحَدًا إِلَّا ٱللَّهَ ۗ وَكَفَىٰ بِٱللَّهِ حَسِيبًا ﴿٣٩﴾

39. (Si Allah ay pumupuri) sa kanila na nangangaral ng Mensahe ni Allah at nangangamba sa Kanya, at walang ibang kinatatakutan maliban kay Allah. At si Allah ay sapat na bilang Tagapagsulit.

مَّا كَانَ مُحَمَّدٌ أَبَآ أَحَدٍ مِّن رِّجَالِكُمْ وَلَٰكِن رَّسُولَ ٱللَّهِ وَخَاتَمَ ٱلنَّبِيِّـۧنَ ۗ وَكَانَ ٱللَّهُ بِكُلِّ شَىْءٍ عَلِيمًا ﴿٤٠﴾

40. Si Muhammad ay hindi ama ng sinuman sa inyo, datapuwa't siya ang Sugo ni Allah at Sagka (Panghuli) sa lahat ng mga Propeta; at si Allah ang may Ganap na Kaalaman sa lahat ng bagay.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱذْكُرُوا۟ ٱللَّهَ ذِكْرًا كَثِيرًا ﴿٤١﴾

41. O kayong nagsisisampalataya! Alalahanin ninyo si Allah ng may higit na pag-aala-ala;

وَسَبِّحُوهُ بُكْرَةً وَأَصِيلًا ﴿٤٢﴾

42. At luwalhatiin Siya sa umaga at hapon (ang pang-umagang pagdarasal [*Fajr*], at panghapong pagdarasal [*Asr*]).

هُوَ ٱلَّذِى يُصَلِّى عَلَيْكُمْ وَمَلَٰٓئِكَتُهُۥ لِيُخْرِجَكُم مِّنَ ٱلظُّلُمَٰتِ إِلَى ٱلنُّورِ ۚ وَكَانَ بِٱلْمُؤْمِنِينَ رَحِيمًا ﴿٤٣﴾

43. Siya ang nagpapadala ng Kanyang mga biyaya sa inyo, gayundin ang Kanyang mga anghel (na nananawagan kay Allah na patawarin at basbasan kayo), upang kayo ay Kanyang maiahon mula sa kadiliman (kawalan ng pananalig at pagsamba sa mga diyus-diyosan) tungo sa kaliwanagan (Tamang Pananampalataya); at Siya ay Lagi nang Puspos ng Habag sa mga sumasampalataya.

تَحِيَّتُهُمْ يَوْمَ يَلْقَوْنَهُۥ سَلَٰمٌ ۚ وَأَعَدَّ لَهُمْ أَجْرًا كَرِيمًا ﴿٤٤﴾

44. Ang pagbati nila sa Araw ng kanilang pakiki-pagtipan sa Kanya ay "*Salam* (Kapayapaan)!" at inihanda na Niya sa kanila ang isang nag-uumapaw na Gantimpala (Paraiso).

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّبِىُّ إِنَّآ أَرْسَلْنَٰكَ شَٰهِدًا وَمُبَشِّرًا وَنَذِيرًا ﴿٤٥﴾

45. O Propeta (Muhammad)! Katotohanang ikaw ay isinugo Namin bilang isang Saksi at Tagapaghatid ng Masayang Balita at Tagapagbabala.

وَدَاعِيًا إِلَى ٱللَّهِ بِإِذْنِهِۦ وَسِرَاجًا مُّنِيرًا ﴿٤٦﴾

46. At bilang Tagapag-anyaya kay Allah, ayon sa Kanyang Kapahintulutan, at bilang isang naglulunin-gning (nagliliwanag) na ilaw.

وَبَشِّرِ ٱلْمُؤْمِنِينَ بِأَنَّ لَهُم مِّنَ ٱللَّهِ فَضْلًا كَبِيرًا ﴿٤٧﴾

47. Kaya't ipagbadya ang magandang balita sa mga sumasampalataya, na sasakanila mula kay Allah ang nag-uumapaw na Biyaya.

وَلَا تُطِعِ ٱلْكَٰفِرِينَ وَٱلْمُنَٰفِقِينَ وَدَعْ أَذَىٰهُمْ وَتَوَكَّلْ عَلَى ٱللَّهِ ۚ وَكَفَىٰ بِٱللَّهِ وَكِيلًا ﴿٤٨﴾

48. At huwag mong sundin ang mga hindi sumasampalataya at mga *Munafik* (mapag-kunwari), nguni't sila ay huwag mong saktan (pahirapan), at magtiwala ka kay Allah sapagkat Sapat na si Allah bilang Mapagkakatiwalaan (Tagapagpaganap ng lahat ng mga pangyayari).

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِذَا نَكَحْتُمُ ٱلْمُؤْمِنَٰتِ ثُمَّ طَلَّقْتُمُوهُنَّ مِن قَبْلِ أَن تَمَسُّوهُنَّ فَمَا لَكُمْ عَلَيْهِنَّ مِنْ عِدَّةٍ تَعْتَدُّونَهَا ۖ فَمَتِّعُوهُنَّ وَسَرِّحُوهُنَّ سَرَاحًا جَمِيلًا ﴿٤٩﴾

49. O kayong nagsisisampalataya! Kung inyong pinakasalan ang mga sumasampalatayang babae at sila ay inyong diniborsyo bago pa ninyo sila sipingan, hindi kinakailangan na kayo ay magpalipas ng *Iddah* (panahon ng paghihintay) para sa kanila. Sila ay gawaran ninyo ng regalo, at inyong palayain (diborsyohin) sila sa magandang paraan.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّبِىُّ إِنَّآ أَحْلَلْنَا لَكَ أَزْوَٰجَكَ ٱلَّٰتِىٓ ءَاتَيْتَ أُجُورَهُنَّ وَمَا مَلَكَتْ يَمِينُكَ مِمَّآ أَفَآءَ ٱللَّهُ عَلَيْكَ وَبَنَاتِ عَمِّكَ وَبَنَاتِ عَمَّٰتِكَ وَبَنَاتِ خَالِكَ وَبَنَاتِ خَٰلَٰتِكَ ٱلَّٰتِى هَاجَرْنَ مَعَكَ وَٱمْرَأَةً مُّؤْمِنَةً إِن وَهَبَتْ نَفْسَهَا لِلنَّبِىِّ إِنْ أَرَادَ ٱلنَّبِىُّ أَن يَسْتَنكِحَهَا خَالِصَةً لَّكَ مِن دُونِ ٱلْمُؤْمِنِينَ ۗ قَدْ عَلِمْنَا مَا فَرَضْنَا عَلَيْهِمْ فِىٓ أَزْوَٰجِهِمْ وَمَا مَلَكَتْ أَيْمَٰنُهُمْ

50. O Propeta (Muhammad)! Ginawa Naming *Halal* (legal sa batas) sa iyo ang iyong mga asawa matapos na sila ay iyong gawaran ng *Mahr* (dote o handog), at gayundin ang mga angkin ng iyong kanang kamay mula sa ibinalik sa iyo ni Allah (na mga bihag ng digmaan); at mga anak na babae ng iyong mga amain sa ama, at mga anak na babae ng iyong mga tiyahin sa ama, at mga anak na babae ng iyong mga amain sa ina, at mga anak na babae ng iyong mga tiyahin sa ina, na nagsilikas (mula sa Makkah) na kasama ka; at sinuman sa mga sumasampalatayang babae na nag-alok ng kanyang sarili sa Propeta, at ang Propeta ay

لِكَيْلَا يَكُونَ عَلَيْكَ حَرَجٌ وَكَانَ ٱللَّهُ غَفُورًا رَّحِيمًا ﴿٥٠﴾

nais na pakasalan siya; ito ay tanging karapatan para sa iyo lamang at hindi sa lahat ng mga sumasampalataya. Katotohanang Aming nababatid ang Aming itinalaga sa kanila na kanilang mga asawa at ang mga angkin ng kanilang kanang kamay (mga aliping babae), upang sa gayon ay hindi magkaroon ng sagabal sa iyo. At si Allah ay Lalagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

۞ تُرْجِى مَن تَشَآءُ مِنْهُنَّ وَتُـْٔوِىٓ إِلَيْكَ مَن تَشَآءُ ۖ وَمَنِ ٱبْتَغَيْتَ مِمَّنْ عَزَلْتَ فَلَا جُنَاحَ عَلَيْكَ ۚ ذَٰلِكَ أَدْنَىٰٓ أَن تَقَرَّ أَعْيُنُهُنَّ وَلَا يَحْزَنَّ وَيَرْضَيْنَ بِمَآ ءَاتَيْتَهُنَّ كُلُّهُنَّ ۗ وَٱللَّهُ يَعْلَمُ مَا فِى قُلُوبِكُمْ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ عَلِيمًا حَلِيمًا ﴿٥١﴾

51. At ikaw (O Muhammad) ay maaaring magpaliban (sa nakatakdang sunuran) kung sino sa kanila (sa iyong mga asawa) ang iyong nais, at maaari mong tanggapin kung sino sa kanila ang iyong maibigan. At kung sinuman ang iyong maibigan sa kanila (na ang takdang sunuran) ay iyong ibinukod muna, hindi isang kasalanan sa iyo (kung tanggapin mo siyang muli), ito ay higit na mabuti upang sila ay makadama ng kaginhawahan at huwag manimdim, at silang lahat ay masiyahan sa anumang ibigay mo sa kanila. Nababatid ni Allah ang nasa iyong puso; at si Allah ang Ganap na Nakakaalam, ang Lubos na Mapagpaumanhin.

لَا يَحِلُّ لَكَ ٱلنِّسَآءُ مِنۢ بَعْدُ وَلَآ أَن تَبَدَّلَ بِهِنَّ مِنْ أَزْوَٰجٍ وَلَوْ أَعْجَبَكَ حُسْنُهُنَّ إِلَّا مَا مَلَكَتْ يَمِينُكَ ۗ وَكَانَ ٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ رَّقِيبًا ﴿٥٢﴾

52. Hindi pinahihintulutan sa iyo (O Muhammad) ang mag-asawa pa (ng ibang babae) matapos ito (alalaong baga, bukod sa iyong mga asawa), o palitan sila ng ibang asawa, kahit na (nga) ang kanilang kagandahan ay nakakaakit sa iyo, maliban na lamang sa kanila na angkin ng iyong kanang kamay (alalaong baga, ikaw ay malaya na magpakasal sa kanila). At si Allah ang Lagi nang Nagmamasid sa lahat ng bagay.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَدْخُلُوا۟ بُيُوتَ ٱلنَّبِىِّ إِلَّآ أَن يُؤْذَنَ لَكُمْ إِلَىٰ طَعَامٍ غَيْرَ نَٰظِرِينَ إِنىٰهُ وَلَٰكِنْ إِذَا دُعِيتُمْ فَٱدْخُلُوا۟ فَإِذَا طَعِمْتُمْ فَٱنتَشِرُوا۟ وَلَا مُسْتَـْٔنِسِينَ لِحَدِيثٍ ۚ إِنَّ ذَٰلِكُمْ كَانَ يُؤْذِى ٱلنَّبِىَّ فَيَسْتَحْىِۦ مِنكُمْ ۖ وَٱللَّهُ لَا يَسْتَحْىِۦ مِنَ ٱلْحَقِّ ۚ وَإِذَا

53. O kayong nagsisisampalataya! Huwag kayong pumasok sa mga bahay ng Propeta, maliban na lamang kung kayo ay pinahintulutan upang kumain, na hindi (kayo) naghihintay sa paghahanda (ng pagkain hanggang sa maluto). Datapuwa't kung kayo ay inaanyayahan, kayo ay tumuloy, at kung matapos na kayong kumain, kayo ay lumisan, at huwag nang umupo tungo sa pag-uusap. Katotohanan, ang gayong (pag-uugali) ay nakayayamot sa Propeta, at siya ay

nahihiyang magsabi na umalis na kayo, datapuwa't si Allah ay hindi nakikimi (na sabihin) sa inyo ang katotohanan. At kung nais ninyong magtanong (sa kanyang mga asawa) ng anumang inyong naisin, mangusap kayo sa kanila sa likod ng lambong (may takip sa inyong pagitan); ito ay higit na magpapadalisay sa inyong puso, gayundin sa kanilang puso. At hindi isang katumpakan sa inyo na inyong yamutin ang Sugo ni Allah, o inyong pangasawahin ang kanyang mga asawa matapos na siya ay yumao. Katotohanan! Ang ganitong bagay sa Paningin ni Allah ay isang kakila-kilabot na kasamaan.

سَأَلْتُمُوهُنَّ مَتَٰعًا فَسْـَٔلُوهُنَّ مِن وَرَآءِ حِجَابٍ ۚ ذَٰلِكُمْ أَطْهَرُ لِقُلُوبِكُمْ وَقُلُوبِهِنَّ ۚ وَمَا كَانَ لَكُمْ أَن تُؤْذُوا۟ رَسُولَ ٱللَّهِ وَلَآ أَن تَنكِحُوٓا۟ أَزْوَٰجَهُۥ مِنۢ بَعْدِهِۦٓ أَبَدًا ۚ إِنَّ ذَٰلِكُمْ كَانَ عِندَ ٱللَّهِ عَظِيمًا ﴿٥٣﴾

54. Kahit na inyong ilantad ang anumang bagay o ito ay inyong ilingid, katotohanang si Allah ang Lalagi nang Ganap na may Kaalaman sa lahat ng bagay.

إِن تُبْدُوا۟ شَيْـًٔا أَوْ تُخْفُوهُ فَإِنَّ ٱللَّهَ كَانَ بِكُلِّ شَىْءٍ عَلِيمًا ﴿٥٤﴾

55. Hindi isang kasalanan sa kanila (sa mga asawa ng Propeta, kung sila ay magpakita na hindi nalalambungan) sa harap ng kanilang ama, o ng kanilang mga anak na lalaki, o ng kanilang mga kapatid na lalaki, o sa mga anak na lalaki ng kanilang mga kapatid na lalaki, o sa mga anak na lalaki ng kanilang mga kapatid na babae, o ng kanilang (sumasampalatayang) kababaihan, o mga (babaeng) alipin na angkin ng kanilang kanang kamay, at pangambahan ninyo si Allah. Katotohanang si Allah ang Lubos na Saksi sa lahat ng bagay.

لَّا جُنَاحَ عَلَيْهِنَّ فِىٓ ءَابَآئِهِنَّ وَلَآ أَبْنَآئِهِنَّ وَلَآ إِخْوَٰنِهِنَّ وَلَآ أَبْنَآءِ إِخْوَٰنِهِنَّ وَلَآ أَبْنَآءِ أَخَوَٰتِهِنَّ وَلَا نِسَآئِهِنَّ وَلَا مَا مَلَكَتْ أَيْمَٰنُهُنَّ ۚ وَٱتَّقِينَ ٱللَّهَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ شَهِيدًا ﴿٥٥﴾

56. Katiyakang si Allah ang naggagawad ng Kanyang biyaya (karangalan, habag, basbas) sa Propeta (Muhammad), gayundin ang Kanyang mga anghel (ay nananawagan kay Allah na gawin sa kanya ang gayon). O kayo na nagsisampalataya! Manawagan kayo (kay Allah na igawad) sa kanya ang (Kanyang) biyaya (at pagpapala), at manawagan kayo (kay Allah na pagkalooban siya) ng kapayapaan.

إِنَّ ٱللَّهَ وَمَلَٰٓئِكَتَهُۥ يُصَلُّونَ عَلَى ٱلنَّبِىِّ ۚ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ صَلُّوا۟ عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا۟ تَسْلِيمًا ﴿٥٦﴾

57. Katotohanan, ang mga nangyayamot kay Allah at sa Kanyang Sugo; si Allah ay sumusumpa sa kanila sa mundong ito at sa Kabilang Buhay, at Kanyang inihanda sa kanila ang isang kahiya-hiyang kaparusahan.

إِنَّ ٱلَّذِينَ يُؤْذُونَ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ لَعَنَهُمُ ٱللَّهُ فِى ٱلدُّنْيَا وَٱلْـَٔاخِرَةِ وَأَعَدَّ لَهُمْ عَذَابًا مُّهِينًا ﴿٥٧﴾

وَٱلَّذِينَ يُؤْذُونَ ٱلْمُؤْمِنِينَ وَٱلْمُؤْمِنَٰتِ بِغَيْرِ مَا ٱكْتَسَبُوا۟ فَقَدِ ٱحْتَمَلُوا۟ بُهْتَٰنًا وَإِثْمًا مُّبِينًا ﴿٥٨﴾

58. At sa mga nangyayamot sa mga sumasampalatayang lalaki at babae, at ito ay hindi nararapat, ay binibigyan nila ng pabigat ang kanilang sarili sa kasamaan ng paninirang-puri at lantad na kasalanan.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّبِىُّ قُل لِّأَزْوَٰجِكَ وَبَنَاتِكَ وَنِسَآءِ ٱلْمُؤْمِنِينَ يُدْنِينَ عَلَيْهِنَّ مِن جَلَٰبِيبِهِنَّ ذَٰلِكَ أَدْنَىٰٓ أَن يُعْرَفْنَ فَلَا يُؤْذَيْنَ ۗ وَكَانَ ٱللَّهُ غَفُورًا رَّحِيمًا ﴿٥٩﴾

59. O Propeta! Sabihin mo sa iyong mga asawa at mga anak na babae at sa mga sumasampalatayang babae na iladlad (nila) sa kanilang sarili ang kanilang panglabas na kasuutan (alalaong baga, ganap nilang balutin o takpan ang kanilang katawan ng kulambong at balabal maliban lamang sa mga mata upang kanilang makita ang daan, kung sila ay lumalabas ng bahay). Ito ay higit na magaan na sila ay maalaman (bilang malinis at kagalang-galang na kababaihan), upang sila ay hindi abusuhin. At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

لَّئِن لَّمْ يَنتَهِ ٱلْمُنَٰفِقُونَ وَٱلَّذِينَ فِى قُلُوبِهِم مَّرَضٌ وَٱلْمُرْجِفُونَ فِى ٱلْمَدِينَةِ لَنُغْرِيَنَّكَ بِهِمْ ثُمَّ لَا يُجَاوِرُونَكَ فِيهَآ إِلَّا قَلِيلًا ﴿٦٠﴾

60. Kung ang mga mapagkunwari, at sila na ang kanilang puso ay may karamdaman (ng pag-aalinlangan, masamang pagnanasa sa laman, pangangalunya), at sila na mapagkalat ng kasinungalingan sa mga tao sa Madinah, kung sila ay hindi magsisitigil, katotohanang Aming hahayaan na inyong madaig sila, at sila ay hindi makapananatili rito bilang inyong kapitbahay kundi sa maigsing panahon lamang,

مَّلْعُونِينَ ۖ أَيْنَمَا ثُقِفُوٓا۟ أُخِذُوا۟ وَقُتِّلُوا۟ تَقْتِيلًا ﴿٦١﴾

61. Na (sila ay) isinumpa, saan man sila matagpuan; sila ay sasakmalin at papatayin ng isang (kakila-kilabot) na pagpatay.

سُنَّةَ ٱللَّهِ فِى ٱلَّذِينَ خَلَوْا۟ مِن قَبْلُ ۖ وَلَن تَجِدَ لِسُنَّةِ ٱللَّهِ تَبْدِيلًا ﴿٦٢﴾

62. Ito ang pamamaraan ni Allah sa kaso ng mga pumanaw na noon pang una, at kayo ay hindi makakatagpo ng pagbabago sa pamamaraan ni Allah.

يَسْـَٔلُكَ ٱلنَّاسُ عَنِ ٱلسَّاعَةِ ۖ قُلْ إِنَّمَا عِلْمُهَا عِندَ ٱللَّهِ ۚ وَمَا يُدْرِيكَ لَعَلَّ ٱلسَّاعَةَ تَكُونُ قَرِيبًا ﴿٦٣﴾

63. Ang mga tao ay nagtatanong sa iyo tungkol sa (Huling) Oras. Iyong ipagbadya: "Ang kaalaman dito ay kay Allah lamang. Ano ang inyong nalalaman? Maaaring ang Oras ay malapit na!"

إِنَّ ٱللَّهَ لَعَنَ ٱلْكَٰفِرِينَ وَأَعَدَّ لَهُمْ سَعِيرًا ﴿٦٤﴾

64. Katotohanang si Allah ay sumumpa sa mga hindi sumasampalataya, at Kanyang inihanda sa kanila ang Naglalagablab na Apoy (Impiyerno),

خَٰلِدِينَ فِيهَآ أَبَدًا ۖ لَّا يَجِدُونَ وَلِيًّا وَلَا نَصِيرًا ﴿٦٥﴾

65. Upang sila ay manahan dito magpakailanman; sila ay hindi makakahanap (dito) ng tagapagtanggol (tagapangalaga) o isa mang katuwang.

يَوْمَ تُقَلَّبُ وُجُوهُهُمْ فِى ٱلنَّارِ يَقُولُونَ يَٰلَيْتَنَآ أَطَعْنَا ٱللَّهَ وَأَطَعْنَا ٱلرَّسُولَا۠ ﴿٦٦﴾

66. Sa Araw na ang kanilang mukha ay ibibiling nang paikot (sa lahat ng panig) ng Apoy, sila ay magsasabi: "Kasawian sa amin! Dapat sana ay sumunod kami kay Allah at sa Kanyang Sugo (Muhammad)!"

وَقَالُوا۟ رَبَّنَآ إِنَّآ أَطَعْنَا سَادَتَنَا وَكُبَرَآءَنَا فَأَضَلُّونَا ٱلسَّبِيلَا۠ ﴿٦٧﴾

67. At sila ay magsasabi: "Aming Panginoon! Katotohanang kami ay sumunod sa aming mga pinuno at aming mga dakilang (tao), at sila ang nagligaw sa amin sa (tamang) Landas.

رَبَّنَآ ءَاتِهِمْ ضِعْفَيْنِ مِنَ ٱلْعَذَابِ وَٱلْعَنْهُمْ لَعْنًا كَبِيرًا ﴿٦٨﴾

68. Aming Panginoon! Inyong gawaran sila ng dalawang ulit na kaparusahan at Inyong sumpain sila ng matinding Panunumpa!"

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَكُونُوا۟ كَٱلَّذِينَ ءَاذَوْا۟ مُوسَىٰ فَبَرَّأَهُ ٱللَّهُ مِمَّا قَالُوا۟ ۚ وَكَانَ عِندَ ٱللَّهِ وَجِيهًا ﴿٦٩﴾

69. O kayong nagsisisampalataya! Huwag kayong tumulad sa mga nananakit (ng kalooban) ni Moises, datapuwa't si Allah ang nagpatunay ng kanyang kawalang-kasalanan sa mga ibinibintang sa kanya, at siya ay karangal-rangal sa Paningin ni Allah.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَقُولُوا۟ قَوْلًا سَدِيدًا ﴿٧٠﴾

70. O kayong nagsisisampalataya! Pangambahan ninyo si Allah at mangusap kayo ng mga salita na may karampatang katarungan.

يُصْلِحْ لَكُمْ أَعْمَٰلَكُمْ وَيَغْفِرْ لَكُمْ ذُنُوبَكُمْ ۗ وَمَن يُطِعِ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ فَقَدْ فَازَ فَوْزًا عَظِيمًا ﴿٧١﴾

71. (Sa gayon), Kanyang babaguhin para sa inyo ang inyong mga gawa at patatawarin (Niya) ang inyong mga kasalanan. At sinumang sumunod kay Allah at sa Kanyang Sugo ay katiyakang nakapagtamo ng malaking tagumpay (alalaong baga, siya ay maliligtas sa Apoy ng Impiyerno at tatanggapin sa Paraiso).

إِنَّا عَرَضْنَا ٱلْأَمَانَةَ عَلَى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَٱلْجِبَالِ فَأَبَيْنَ أَن يَحْمِلْنَهَا وَأَشْفَقْنَ مِنْهَا وَحَمَلَهَا ٱلْإِنسَٰنُ ۖ إِنَّهُۥ كَانَ ظَلُومًا جَهُولًا ﴿٧٢﴾

72. Katotohanang Aming inihandog ang *Amanah* (ang Tiwalang Lagak o pagtanggap ng mga tungkulin at pagsunod kay Allah) sa kalangitan at kalupaan, at sa kabundukan, datapuwa't tumanggi sila na dalhin ito at sila ay nangangamba rito (alalaong baga, sila ay natatakot sa parusa ni Allah), at ang tao ay nagpasan nito. Katotohanang siya ay hindi makatarungan at walang muwang.

لِّيُعَذِّبَ ٱللَّهُ ٱلْمُنَٰفِقِينَ وَٱلْمُنَٰفِقَٰتِ

73. Kaya't si Allah ang magpaparusa sa mga

Munafik (mapagkunwari), mga lalaki at babae, at sa mga mapagsamba sa diyus-diyosan, na mga lalaki at babae. At si Allah ang magpapatawad (tatanggap ng pagsisisi) ng mga sumasampalataya, mga lalaki at babae. At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَٱلْمُشْرِكِينَ وَٱلْمُشْرِكَٰتِ وَيَتُوبَ ٱللَّهُ عَلَى ٱلْمُؤْمِنِينَ وَٱلْمُؤْمِنَٰتِ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ غَفُورًا رَّحِيمًا ﴿٧٣﴾



Surah 34

Surat Saba
(Sheba)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ang lahat ng pagluwalhati at pasasalamat ay kay Allah, tanging Siya ang nag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan. Siya ang nag-aangkin ng papuri (at pagpaparangal) sa Kabilang Buhay; at Siya ay Tigib ng Karunungan, ang Puspos ng Kaalaman.

ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ ٱلَّذِى لَهُۥ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ وَلَهُ ٱلْحَمْدُ فِى ٱلْءَاخِرَةِ ۚ وَهُوَ ٱلْحَكِيمُ ٱلْخَبِيرُ ﴿١﴾

2. Talastas Niya kung ano ang pumapasok sa kalupaan at lumalabas mula rito; kung ano ang mga nananaog sa alapaap (kalangitan) at pumapanhik doon. At Siya ang Pinakamaawain, ang Malimit na Nagpapatawad.

يَعْلَمُ مَا يَلِجُ فِى ٱلْأَرْضِ وَمَا يَخْرُجُ مِنْهَا وَمَا يَنزِلُ مِنَ ٱلسَّمَآءِ وَمَا يَعْرُجُ فِيهَا ۚ وَهُوَ ٱلرَّحِيمُ ٱلْغَفُورُ ﴿٢﴾

3. At ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Ang (Huling) Oras ay hindi sasapit sa amin". Ipagbadya: "Tunay nga! Ako ay nanunumpa sa aking Panginoon, ito ay katiyakang daratal sa inyo. (Si Allah) ang Ganap na Nakakaalam ng nalilingid". Hindi makakaligta (sa Kanyang Karunungan) maging ang timbang ng isang atomo o (anumang) bagay na maliit pa rito o malaki sa kalangitan at kalupaan, bagkus, (ang mga ito) ay nasa loob ng isang Maliwanag na Talaan (*Lauh-Al-Mahfuz*).

وَقَالَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لَا تَأْتِينَا ٱلسَّاعَةُ ۖ قُلْ بَلَىٰ وَرَبِّى لَتَأْتِيَنَّكُمْ عَٰلِمِ ٱلْغَيْبِ ۖ لَا يَعْزُبُ عَنْهُ مِثْقَالُ ذَرَّةٍ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَلَا فِى ٱلْأَرْضِ وَلَآ أَصْغَرُ مِن ذَٰلِكَ وَلَآ أَكْبَرُ إِلَّا فِى كِتَٰبٍ مُّبِينٍ ﴿٣﴾

4. Upang Kanyang magantimpalaan ang mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at nagsisigawa ng katuwiran at

لِيَجْزِىَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ لَهُم مَّغْفِرَةٌ وَرِزْقٌ كَرِيمٌ ﴿٤﴾

kabutihan, sasakanila ang pagpapatawad at panustos na nag-uumapaw (alalaong baga, ang Paraiso).

وَٱلَّذِينَ سَعَوْ فِىٓ ءَايَٰتِنَا مُعَٰجِزِينَ أُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمْ عَذَابٌ مِّن رِّجْزٍ أَلِيمٌ ﴿٥﴾

5. At sila na nagsisikap na kalabanin ang Aming *Ayat* (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral) na (naghahanap) na makapagdulot ng pagkabigo (upang pahinain ang kanilang pagkamatapat at magapi ang Propeta), para sa kanila ay may isang kasakit-sakit na kaparusahan na lubhang matindi.

وَيَرَى ٱلَّذِينَ أُو۟تُوا۟ ٱلْعِلْمَ ٱلَّذِىٓ أُنزِلَ إِلَيْكَ مِن رَّبِّكَ هُوَ ٱلْحَقَّ وَيَهْدِىٓ إِلَىٰ صِرَٰطِ ٱلْعَزِيزِ ٱلْحَمِيدِ ﴿٦﴾

6. At sila na pinagkalooban ng kaalaman ay nakakakita na ang ipinahayag sa iyo (O Muhammad) mula sa iyong Panginoon ay siyang Katotohanan, at namamatnubay tungo sa Landas ng Sukdol sa Kapangyarihan ang Higit na Kapuri-puri.

وَقَالَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ هَلْ نَدُلُّكُمْ عَلَىٰ رَجُلٍ يُنَبِّئُكُمْ إِذَا مُزِّقْتُمْ كُلَّ مُمَزَّقٍ إِنَّكُمْ لَفِى خَلْقٍ جَدِيدٍ ﴿٧﴾

7. Ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Amin ba kayong patutunguhin sa isang tao (Muhammad) na magsasabi sa inyo na kung (ang inyong mga buto) ay malansag na at maging abo at magsikalat, sa kalaunan, kayo ay (muling ibabangon) sa pagkalikha?"

أَفْتَرَىٰ عَلَى ٱللَّهِ كَذِبًا أَم بِهِۦ جِنَّةٌۢ ۗ بَلِ ٱلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ بِٱلْءَاخِرَةِ فِى ٱلْعَذَابِ وَٱلضَّلَٰلِ ٱلْبَعِيدِ ﴿٨﴾

8. Siya ba (Muhammad) ay kumatha (naggawa-gawa) ng kasinungalingan laban kay Allah, o mayroon bang pagkabaliw sa kanya? Hindi, datapuwa't sila na hindi sumasampalataya sa Kabilang Buhay ay tahasang (ang kanilang sarili) ay nasa tunay na kaparusahan at nasa kamalian na lubhang malayo.

أَفَلَمْ يَرَوْا۟ إِلَىٰ مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُم مِّنَ ٱلسَّمَآءِ وَٱلْأَرْضِ ۚ إِن نَّشَأْ نَخْسِفْ بِهِمُ ٱلْأَرْضَ أَوْ نُسْقِطْ عَلَيْهِمْ كِسَفًا مِّنَ ٱلسَّمَآءِ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَةً لِّكُلِّ عَبْدٍ مُّنِيبٍ ﴿٩﴾

9. Hindi baga nila napagmamasdan kung ano ang nasa harapan nila at kung ano ang nasa likuran nila, ng alapaap (kalangitan) at kalupaan? Kung Aming naisin, magagawa Naming lagumin sila ng kalupaan o hayaang ang bahagi ng alapaap (kalangitan) ay bumagsak sa kanila. Katotohanang naririto ang Tanda sa bawat tagapaglingkod na nagbabalik-loob (sa pagsisisi) kay Allah.

۞ وَلَقَدْ ءَاتَيْنَا دَاوُۥدَ مِنَّا فَضْلًا ۖ يَٰجِبَالُ أَوِّبِى مَعَهُۥ وَٱلطَّيْرَ ۖ وَأَلَنَّا لَهُ ٱلْحَدِيدَ ﴿١٠﴾

10. At katiyakang Aming iginawad noon pang una ang Biyaya kay David mula sa Amin (na nagsasabi): "O kayong kabundukan! Luwalhatiin ninyo (si Allah) na kasama siya!

Gayundin kayong mga Ibon! At ginawa Namin ang bakal na malambot sa kanya,"

أَنِ ٱعْمَلْ سَٰبِغَٰتٍ وَقَدِّرْ فِى ٱلسَّرْدِ ۖ وَٱعْمَلُوا۟ صَٰلِحًا ۖ إِنِّى بِمَا تَعْمَلُونَ بَصِيرٌ ﴿١١﴾

11. (Na nag-uutos sa kanya): "Gumawa ka ng pulidong baluti (kutamaya) at (iyong) sumahin (nang tumpak) ang mga kawing (ng baluti), at magsigawa kayo (O mga tao) ng kabutihan. Katotohanang Ako ang Ganap na Nakamamasid ng lahat ninyong ginagawa."

وَلِسُلَيْمَٰنَ ٱلرِّيحَ غُدُوُّهَا شَهْرٌ وَرَوَاحُهَا شَهْرٌ ۖ وَأَسَلْنَا لَهُۥ عَيْنَ ٱلْقِطْرِ ۖ وَمِنَ ٱلْجِنِّ مَن يَعْمَلُ بَيْنَ يَدَيْهِ بِإِذْنِ رَبِّهِۦ ۖ وَمَن يَزِغْ مِنْهُمْ عَنْ أَمْرِنَا نُذِقْهُ مِنْ عَذَابِ ٱلسَّعِيرِ ﴿١٢﴾

12. At kay Solomon (ay Aming ipinailalim) ang hangin na maging masunurin sa kanya; ang pang-umaga nitong (paglalakbay ay katumbas) ng isang buwan, at ang panghapon nitong (paglalakbay ay katumbas) ng isang buwan; at hinayaan Namin na umagos para sa kanya ang batis (o bukal) ng (tunaw) na tanso, at mayroong mga *Jinn* na nagtatrabaho sa kanya sa pahintulot ng kanyang Panginoon, at sinuman sa kanila ang sumuway sa Aming Pag-uutos ay hahayaan Namin na lasapin niya ang kaparusahan ng Alimpuyo ng Apoy.

يَعْمَلُونَ لَهُۥ مَا يَشَآءُ مِن مَّحَٰرِيبَ وَتَمَٰثِيلَ وَجِفَانٍ كَٱلْجَوَابِ وَقُدُورٍ رَّاسِيَٰتٍ ۚ ٱعْمَلُوٓا۟ ءَالَ دَاوُۥدَ شُكْرًا ۚ وَقَلِيلٌ مِّنْ عِبَادِىَ ٱلشَّكُورُ ﴿١٣﴾

13. Sila ay nagtrabaho sa kanya kung ano ang kanyang ninais (na paggawa) ng mga nakataas na silid (na maaaring mga palasyo, tirahan o lugar ng pagdarasal), mga estatwa o imahen (na hindi ipinagbabawal hanggang nang dumating si Propeta Muhammad), mga tason na tulad ng imbakan at hindi natitinag na mga [pakuluang] kaldero. "Magsipagtrabaho kayo, O angkan ni David, ng may pasasalamat!" At ang ilan sa Aking mga tagapaglingkod ay may pagtanaw ng utang na loob ng pasasalamat!

فَلَمَّا قَضَيْنَا عَلَيْهِ ٱلْمَوْتَ مَا دَلَّهُمْ عَلَىٰ مَوْتِهِۦٓ إِلَّا دَآبَّةُ ٱلْأَرْضِ تَأْكُلُ مِنسَأَتَهُۥ ۖ فَلَمَّا خَرَّ تَبَيَّنَتِ ٱلْجِنُّ أَن لَّوْ كَانُوا۟ يَعْلَمُونَ ٱلْغَيْبَ مَا لَبِثُوا۟ فِى ٱلْعَذَابِ ٱلْمُهِينِ ﴿١٤﴾

14. At nang igawad Namin sa kanya (Solomon) ang kanyang kamatayan, walang anuman ang ipinahiwatig sa kanila (mga *Jinn*) tungkol sa kanyang kamatayan, maliban sa isang nilikha (na maliit na uod o anay) sa kalupaan na patuloy na (marahang) ngumangatngat ng kanyang tungkod. Kaya't nang siya ay mapahandusay, ay naging maliwanag sa mga *Jinn* na kung nalalaman lamang nila ang mga nakalingid na bagay, sila (sana) ay hindi nanatili sa kahiya-hiyang kaparusahan.

لَقَدْ كَانَ لِسَبَإٍ فِي مَسْكَنِهِمْ ءَايَةٌ ۖ جَنَّتَانِ عَن يَمِينٍ وَشِمَالٍ ۖ كُلُوا مِن رِّزْقِ رَبِّكُمْ وَاشْكُرُوا لَهُ ۚ بَلْدَةٌ طَيِّبَةٌ وَرَبٌّ غَفُورٌ ﴿١٥﴾

15. Katotohanang (sa tribu) ni Saba (Sheba) ay mayroong Tanda sa kanilang pinananahanan, - dalawang (bukirin) ng mga halaman sa kanan at sa kaliwa. (At sa kanila ay ipinagbadya): "Magsikain kayo mula sa panustos ng inyong Panginoon at tumanaw ng utang na loob ng pasasalamat sa Kanya. Isang mabuting lupa (ang inyong tinatamasa), at isang Panginoon na Lagi nang Nagpapatawad!

فَأَعْرَضُوا فَأَرْسَلْنَا عَلَيْهِمْ سَيْلَ ٱلْعَرِمِ وَبَدَّلْنَٰهُم بِجَنَّتَيْهِمْ جَنَّتَيْنِ ذَوَاتَىْ أُكُلٍ خَمْطٍ وَأَثْلٍ وَشَىْءٍ مِّن سِدْرٍ قَلِيلٍ ﴿١٦﴾

16. Datapuwa't sila ay tumangging sumunod (kay Allah), kaya't ipinadala Namin laban sa kanila ang *Sail Al-Arim* (baha na sanhi ng pagkakaroon ng lamat o biyak sa prinsa o dam, o ang rumaragasang baha), at Aming pinalitan ang kanilang dalawang (bukirin) ng halamanan ng mapapait na bungangkahoy, at tamarisko, at ilang (matitinik) na punong lote.

ذَٰلِكَ جَزَيْنَٰهُم بِمَا كَفَرُوا ۖ وَهَلْ نُجَٰزِىٓ إِلَّا ٱلْكَفُورَ ﴿١٧﴾

17. Ito ang ganti na Aming ibinigay sa kanila sapagkat sila ay hindi sumampalataya. At hindi Kami nagpaparusa (ng sinuman) maliban sa mga walang pagtanaw ng utang na loob ng pasasalamat.

وَجَعَلْنَا بَيْنَهُمْ وَبَيْنَ ٱلْقُرَى ٱلَّتِى بَٰرَكْنَا فِيهَا قُرًى ظَٰهِرَةً وَقَدَّرْنَا فِيهَا ٱلسَّيْرَ ۖ سِيرُوا فِيهَا لَيَالِىَ وَأَيَّامًا ءَامِنِينَ ﴿١٨﴾

18. At inilagay Namin sa pagitan nila at sa mga bayan (ang mga ito sa ngayon ay ang bahaging-timog ng Syria at ang Palestina) na Aming biniyayaan, ang (maraming) lantad na bayan. At ginawa Namin ang paglalakbay sa kanilang pagitan (na maginhawa, na nagsasabi): "Magsipaglakbay kayo sa pagitan nito nang ligtas sa gabi at araw."

فَقَالُوا رَبَّنَا بَٰعِدْ بَيْنَ أَسْفَارِنَا وَظَلَمُوٓا أَنفُسَهُمْ فَجَعَلْنَٰهُمْ أَحَادِيثَ وَمَزَّقْنَٰهُمْ كُلَّ مُمَزَّقٍ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَٰتٍ لِّكُلِّ صَبَّارٍ شَكُورٍ ﴿١٩﴾

19. Datapuwa't sila ay nagsabi: "Aming Panginoon! Pahabain Ninyo ang haba (o layo) ng distansya sa pagitan ng aming (mga) paglalakbay", at ipinahamak nila ang kanilang sarili sa pagkakamali, kaya't sila ay Aming ginawa na mga kuwento (sa kalupaan na kapupulutan ng mga aral o halimbawa), at Aming itinaboy silang lahat na ganap na nakakalat. Katotohanang naririto ang tunay na mga Tanda sa mga (taong) matitiyaga at may utang na loob ng pasasalamat.

وَلَقَدْ صَدَّقَ عَلَيْهِمْ إِبْلِيسُ ظَنَّهُۥ فَٱتَّبَعُوهُ

20. At katotohanang si Iblis (Satanas), noon pa

إِلَّا فَرِيقًا مِّنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٢٠﴾

man, ay nag-aakala sa kanila (mga tao) na (sila ay kanyang naililigaw sa Tamang Landas), at ito ay pinapatunayan nila (sa pamamagitan) ng kanilang pagsunod sa kanya, maliban lamang sa isang lipon ng mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah).

وَمَا كَانَ لَهُۥ عَلَيْهِم مِّن سُلْطَٰنٍ إِلَّا لِنَعْلَمَ مَن يُؤْمِنُ بِٱلْءَاخِرَةِ مِمَّنْ هُوَ مِنْهَا فِى شَكٍّ ۗ وَرَبُّكَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ حَفِيظٌ ﴿٢١﴾

21. At siya (Iblis) ay walang kapamahalaan sa kanila, maliban na Aming masubukan ang tao na sumasampalataya sa Kabilang Buhay, mula sa kanya na may pag-aalinlangan tungkol dito. At ang iyong Panginoon ang Tagapagtangkilik sa lahat ng bagay (alalaong baga, Siya ang nagtatangan ng Talaan ng bawat isang tao hinggil sa kanyang mga gawa at Siya ang magbibigay ng gantimpala sa kanila ayon sa kanilang ginawa).

قُلِ ٱدْعُوا۟ ٱلَّذِينَ زَعَمْتُم مِّن دُونِ ٱللَّهِ ۖ لَا يَمْلِكُونَ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَلَا فِى ٱلْأَرْضِ وَمَا لَهُمْ فِيهِمَا مِن شِرْكٍ وَمَا لَهُۥ مِنْهُم مِّن ظَهِيرٍ ﴿٢٢﴾

22. Ipagbadya (O Muhammad, sa kanila): "Inyong tawagan sila na inyong inaangkin (bilang mga diyos) maliban pa kay Allah; sila ay hindi nagtataglay ng kapangyarihan kahit na ito ay isang timbang (lamang) ng atomo (o isang maliit na langgam) sa kalangitan at kalupaan, at dito sila ay walang anumang pakikipagsosyohan (pakikitambal) [sa Kanya], gayundin ay walang isa man sa kanila ang Kanyang katulong.

وَلَا تَنفَعُ ٱلشَّفَٰعَةُ عِندَهُۥٓ إِلَّا لِمَنْ أَذِنَ لَهُۥ ۚ حَتَّىٰٓ إِذَا فُزِّعَ عَن قُلُوبِهِمْ قَالُوا۟ مَاذَا قَالَ رَبُّكُمْ ۖ قَالُوا۟ ٱلْحَقَّ ۖ وَهُوَ ٱلْعَلِىُّ ٱلْكَبِيرُ ﴿٢٣﴾

23. At ang anumang pamamagitan sa Kanya ay hindi magbibigay ng kapakinabangan, maliban sa kanila na binigyan Niya ng pahintulot. (At sila ay naghihintay sa ganito), hanggang kung ang pangamba ay mawaksi sa kanilang (mga anghel) puso, sila (mga anghel) ay magsasabi: "Ano nga ang sinabi ng inyong Panginoon?" Sila ay magsasabi: "Ang Katotohanan". At Siya ang Kataas-taasan, ang Pinakadakila.

۞ قُلْ مَن يَرْزُقُكُم مِّنَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ قُلِ ٱللَّهُ ۙ وَإِنَّآ أَوْ إِيَّاكُمْ لَعَلَىٰ هُدًى أَوْ فِى ضَلَٰلٍ مُّبِينٍ ﴿٢٤﴾

24. Ipagbadya (O Muhammad,): "Sino ang nagbigay sa inyo ng panustos mula sa kalangitan at kalupaan?" Ipagbadya: "Si Allah; at katiyakan na kami o kayo ang nasa (panig) ng tamang patnubay o nasa maliwanag na kamalian!"

قُل لَّا تُسْـَٔلُونَ عَمَّآ أَجْرَمْنَا وَلَا نُسْـَٔلُ

25. Ipagbadya (O Muhammad): "Kayo ay hindi tatanungin hinggil sa aming mga kasalanan, at

gayundin, kami ay hindi tatanungin tungkol sa inyong ginawa."

عَمَّا نَعْمَلُونَ ﴿٢٥﴾

26. Ipagbadya: "Ang ating Panginoon ang magtitipon sa atin nang sama-sama (sa Araw ng Muling Pagkabuhay), at pagkatapos, Siya ang hahatol sa atin sa katotohanan (katarungan); at Siya ang Tanging Hukom na Tigib ng Kaalaman."

قُلْ يَجْمَعُ بَيْنَنَا رَبُّنَا ثُمَّ يَفْتَحُ بَيْنَنَا بِالْحَقِّ وَهُوَ الْفَتَّاحُ الْعَلِيمُ ﴿٢٦﴾

27. Ipagbadya (O Muhammad): "Ipakita ninyo sa akin, sila na inyong iniaakibat bilang mga katambal sa Kanya. Hindi, (walang Siyang katambal sa anumang kaparaanan)! Datapuwa't (tanging) Siya si Allah, ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan."

قُلْ أَرُونِيَ الَّذِينَ أَلْحَقْتُم بِهِ شُرَكَاءَ كَلَّا ۚ بَلْ هُوَ اللَّهُ الْعَزِيزُ الْحَكِيمُ ﴿٢٧﴾

28. At ikaw (O Muhammad) ay hindi Namin isinugo maliban na tanging para lamang sa buong sangkatauhan, na magbibigay ng masayang balita, at Tagapagbabala (sa kanila), datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay walang kaalaman.

وَمَا أَرْسَلْنَاكَ إِلَّا كَافَّةً لِّلنَّاسِ بَشِيرًا وَنَذِيرًا وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَ النَّاسِ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٢٨﴾

29. At sila ay nagsasabi: "Kailan ba (matutupad) yaong ipinangako mo sa amin (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay), kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan?"

وَيَقُولُونَ مَتَىٰ هَٰذَا الْوَعْدُ إِن كُنتُمْ صَادِقِينَ ﴿٢٩﴾

30. Ipagbadya (O Muhammad): "(Para) sa inyo ang pakikipagtiyap sa (takdang) Araw, na hindi ninyo maaaring iurong kahit na sa isang oras (o isang sandali lamang) at hindi rin ninyo maaaring gawin na maaga."

قُل لَّكُم مِّيعَادُ يَوْمٍ لَّا تَسْتَأْخِرُونَ عَنْهُ سَاعَةً وَلَا تَسْتَقْدِمُونَ ﴿٣٠﴾

31. At sila na hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Kami ay hindi naniniwala sa Qur'an o sa anumang kasulatan na una pa rito." Datapuwa't kung inyong mapagmamasdan ang *Zalimun* (mga mapagsamba sa mga diyus-diyosan at makasalanan), kung sila ay haharap na sa kanilang Panginoon, kung paano sila magpapalitan ng salita (na nagsisisihan) sa isa't isa! Ang mga mahihina (tagasunod) ay magsasabi sa kanila na mga palalo (pinuno): "Kung hindi dahil sa inyo, kami sana ay mga mananampalataya!"

وَقَالَ الَّذِينَ كَفَرُوا لَن نُّؤْمِنَ بِهَٰذَا الْقُرْآنِ وَلَا بِالَّذِي بَيْنَ يَدَيْهِ ۗ وَلَوْ تَرَىٰ إِذِ الظَّالِمُونَ مَوْقُوفُونَ عِندَ رَبِّهِمْ يَرْجِعُ بَعْضُهُمْ إِلَىٰ بَعْضٍ الْقَوْلَ يَقُولُ الَّذِينَ اسْتُضْعِفُوا لِلَّذِينَ اسْتَكْبَرُوا لَوْلَا أَنتُمْ لَكُنَّا مُؤْمِنِينَ ﴿٣١﴾

قَالَ ٱلَّذِينَ ٱسْتَكْبَرُوا۟ لِلَّذِينَ ٱسْتُضْعِفُوٓا۟ أَنَحْنُ صَدَدْنَٰكُمْ عَنِ ٱلْهُدَىٰ بَعْدَ إِذْ جَآءَكُم بَلْ كُنتُم مُّجْرِمِينَ ﴿٣٢﴾

32. Sila na mga palalo (pinuno) ay magsasabi sa mga mahihina (tagasunod): "Kami ba ay humadlang (pumigil) sa inyo sa pagtanggap ng patnubay matapos na ito ay dumatal sa inyo? Hindi, datapuwa't kayo ang *Mujrimun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, makasalanan, nagtatakwil ng pananampalataya at kriminal)."

وَقَالَ ٱلَّذِينَ ٱسْتُضْعِفُوا۟ لِلَّذِينَ ٱسْتَكْبَرُوا۟ بَلْ مَكْرُ ٱلَّيْلِ وَٱلنَّهَارِ إِذْ تَأْمُرُونَنَآ أَن نَّكْفُرَ بِٱللَّهِ وَنَجْعَلَ لَهُۥٓ أَندَادًا ۚ وَأَسَرُّوا۟ ٱلنَّدَامَةَ لَمَّا رَأَوُا۟ ٱلْعَذَابَ ۚ وَجَعَلْنَا ٱلْأَغْلَٰلَ فِىٓ أَعْنَاقِ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ ۚ هَلْ يُجْزَوْنَ إِلَّا مَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿٣٣﴾

33. At sila na mahihina (tagasunod) ay magsasabi sa mga palalo (pinuno): "Hindi! Bagkus (ito ang inyong) sabwatan (pakana) sa gabi at araw nang kayo ay (patuloy) na nag-uudyok sa amin na huwag manampalataya kay Allah at magtambal ng iba pang (diyos) sa Kanya bilang Kanyang kapantay"! At ang bawat isa sa kanila ay mapupuspos ng pagsisisi kung kanilang mamamalas ang kaparusahan. At magpupulupot Kami ng kadenang bakal sa leeg ng mga hindi sumasampalataya. Hindi baga sila babayaran maliban sa anumang (bagay) na kinahiratihan na nilang ginagawa?

وَمَآ أَرْسَلْنَا فِى قَرْيَةٍ مِّن نَّذِيرٍ إِلَّا قَالَ مُتْرَفُوهَآ إِنَّا بِمَآ أُرْسِلْتُم بِهِۦ كَٰفِرُونَ ﴿٣٤﴾

34. At wala Kaming isinugo na isa mang Tagapagbabala sa isang bayan; maliban na ang mga ginawaran ng kayamanan (at karangyaan sa buhay na ito) ay nagsasabi ng: "Hindi kami naniniwala sa (Mensahe) na ipinadala sa iyo."

وَقَالُوا۟ نَحْنُ أَكْثَرُ أَمْوَٰلًا وَأَوْلَٰدًا ۙ وَمَا نَحْنُ بِمُعَذَّبِينَ ﴿٣٥﴾

35. At sila (ang maaalwan, tangi na ang mga taga-Makkah) ay nagsasabi: "Kami ay may higit na kayamanan at mga anak na lalaki (kaysa sa mga sumasampalataya), at kami ay hindi mapaparusahan."

قُلْ إِنَّ رَبِّى يَبْسُطُ ٱلرِّزْقَ لِمَن يَشَآءُ وَيَقْدِرُ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَ ٱلنَّاسِ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٣٦﴾

36. Ipagbadya (O Muhammad): "Katotohanan, ang aking Panginoon ang nagpaparami at naghihigpit ng panustos sa sinumang Kanyang maibigan, datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay walang kaalaman."

وَمَآ أَمْوَٰلُكُمْ وَلَآ أَوْلَٰدُكُم بِٱلَّتِى تُقَرِّبُكُمْ عِندَنَا زُلْفَىٰٓ إِلَّا مَنْ ءَامَنَ وَعَمِلَ صَٰلِحًا ۖ فَأُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمْ جَزَآءُ ٱلضِّعْفِ بِمَا عَمِلُوا۟ ۖ وَهُمْ فِى ٱلْغُرُفَٰتِ ءَامِنُونَ ﴿٣٧﴾

37. At hindi ang inyong mga kayamanan o mga anak na lalaki ang magdadala sa inyo upang mapalapit kayo sa Amin; nguni't sila lamang na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at nagsisigawa ng kabutihan; sila ang gagantimpalaan ng marami (o ng dalawang) ulit dahilan sa kanilang ginawa, at sila ay malalagay

sa matataas na mga silid (ng Paraiso), na ligtas at napapangalagaan.

38. At sila na nagsisikhay na mabuti na hadlangan (o labanan) ang Aming mga kapahayagan (tanda at katibayan) upang bigyan (sila) ng pagkabigo, sila ay dadalhin (ihahantong) sa kaparusahan (upang manatili).

وَٱلَّذِينَ يَسْعَوْنَ فِىٓ ءَايَـٰتِنَا مُعَـٰجِزِينَ أُو۟لَـٰٓئِكَ فِى ٱلْعَذَابِ مُحْضَرُونَ ﴿٣٨﴾

39. Ipagbadya: "Katotohanan, ang aking Panginoon ang nagpaparami at naghihigpit ng panustos sa sinumang Kanyang naisin sa Kanyang mga alipin, at anumang bagay ang inyong gugulin (tungo sa Kapakanan ni Allah), katiyakang ito ay Kanyang pinapalitan, sapagkat Siya ang Pinakamainam sa lahat ng mga nagbibigay ng panustos.

قُلْ إِنَّ رَبِّى يَبْسُطُ ٱلرِّزْقَ لِمَن يَشَآءُ مِنْ عِبَادِهِۦ وَيَقْدِرُ لَهُۥ ۚ وَمَآ أَنفَقْتُم مِّن شَىْءٍ فَهُوَ يُخْلِفُهُۥ ۖ وَهُوَ خَيْرُ ٱلرَّٰزِقِينَ ﴿٣٩﴾

40. At (alalahanin) ang Araw na Kanyang titipunin silang lahat, at sasabihin sa mga anghel: "Kayo ba ang mga sinasamba ng mga taong ito?"

وَيَوْمَ يَحْشُرُهُمْ جَمِيعًا ثُمَّ يَقُولُ لِلْمَلَـٰٓئِكَةِ أَهَـٰٓؤُلَآءِ إِيَّاكُمْ كَانُوا۟ يَعْبُدُونَ ﴿٤٠﴾

41. Sila (mga anghel) ay magsasabi: "Ang Kaluwalhatian ay sa Inyo! Kayo ang tunay naming *Wali* (Panginoon, Tagapangalaga, Tagapagtanggol) at hindi sila. Hindi, sila ay sumamba sa mga *Jinn*; ang karamihan (sa mga tao) ay naniniwala sa kanila (mga *Jinn*)."

قَالُوا۟ سُبْحَـٰنَكَ أَنتَ وَلِيُّنَا مِن دُونِهِم ۖ بَلْ كَانُوا۟ يَعْبُدُونَ ٱلْجِنَّ ۖ أَكْثَرُهُم بِهِم مُّؤْمِنُونَ ﴿٤١﴾

42. Kaya't sa Araw na yaon (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay), walang sinuman sa inyo ang may kapangyarihan na magbigay ng kapakinabangan o kapinsalaan sa bawat isa; at Aming ipagbabadya sa *Zalimun* (alalaong baga, sila na sumamba sa iba pa tulad ng mga anghel, *Jinn*, propeta, banal na tao, santo, espiritu, krus, imahen, atbp. maliban pa kay Allah): "Lasapin ninyo ang kaparusahan ng Apoy na inyong itinatakwil!"

فَٱلْيَوْمَ لَا يَمْلِكُ بَعْضُكُمْ لِبَعْضٍ نَّفْعًا وَلَا ضَرًّا ۚ وَنَقُولُ لِلَّذِينَ ظَلَمُوا۟ ذُوقُوا۟ عَذَابَ ٱلنَّارِ ٱلَّتِى كُنتُم بِهَا تُكَذِّبُونَ ﴿٤٢﴾

43. At kung ang Aming Maliliwanag na mga Talata ay dinadalit sa kanila, sila ay nagsasabi: "Siya (Muhammad) ay isa lamang tao na nagnanais na hadlangan kayo (sa pagsamba) sa kinagisnan ng inyong mga ninuno." At sila ay nagsasabi: "Ito ay isa lamang kasinungalingan na kinatha!" At ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi (laban) sa Katotohanan

وَإِذَا تُتْلَىٰ عَلَيْهِمْ ءَايَـٰتُنَا بَيِّنَـٰتٍ قَالُوا۟ مَا هَـٰذَآ إِلَّا رَجُلٌ يُرِيدُ أَن يَصُدَّكُمْ عَمَّا كَانَ يَعْبُدُ ءَابَآؤُكُمْ ۚ وَقَالُوا۟ مَا هَـٰذَآ إِلَّآ إِفْكٌ مُّفْتَرًى ۚ وَقَالَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لِلْحَقِّ لَمَّا جَآءَهُمْ إِنْ هَـٰذَآ إِلَّا سِحْرٌ مُّبِينٌ ﴿٤٣﴾

nang ito ay dumatal sa kanila: "Ito ay wala ng iba maliban sa maliwanag na salamangka (o mahika)!"

وَمَآ ءَاتَيْنَٰهُم مِّن كُتُبٍ يَدْرُسُونَهَا ۖ وَمَآ أَرْسَلْنَآ إِلَيْهِمْ قَبْلَكَ مِن نَّذِيرٍ ﴿٤٤﴾

44. At sila ay hindi Namin pinadalhan ng mga Kasulatan na kanilang mapag-aaralan, gayundin (Kami) ay hindi nagsugo sa kanila ng tagapagbabala, bago pa sa iyo (O Muhammad).

وَكَذَّبَ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ وَمَا بَلَغُوا۟ مِعْشَارَ مَآ ءَاتَيْنَٰهُمْ فَكَذَّبُوا۟ رُسُلِى ۖ فَكَيْفَ كَانَ نَكِيرِ ﴿٤٥﴾

45. At sila na nauna sa kanila ay nagpasinungaling (sa katotohanan), sila ay hindi nagsitanggap maging ng ikasampung bahagi (1/10) ng mga iginawad Namin sa kanila (noong una); datapuwa't sila ay nagpabulaan sa Aking mga Sugo, kaya't (pagmasdan) kung gaano katindi ang Aking kaparusahan!

۞ قُلْ إِنَّمَآ أَعِظُكُم بِوَٰحِدَةٍ ۖ أَن تَقُومُوا۟ لِلَّهِ مَثْنَىٰ وَفُرَٰدَىٰ ثُمَّ تَتَفَكَّرُوا۟ ۚ مَا بِصَاحِبِكُم مِّن جِنَّةٍ ۚ إِنْ هُوَ إِلَّا نَذِيرٌ لَّكُم بَيْنَ يَدَىْ عَذَابٍ شَدِيدٍ ﴿٤٦﴾

46. Ipagbadya sa kanila (O Muhammad): "Kayo ay aking pinaaalalahanan sa isang (bagay) lamang; na kayo ay magsitindig sa harapan ni Allah maging (kayo) ay dalawa o nag-iisa; at magsipagmuni-muni kayo, ang inyong Kasama (Muhammad) ay hindi nababaliw (inaalihan ng demonyo); siya ay hindi hihigit pa sa isang tagapagbabala sa inyo tungkol sa isang kasakit-sakit na kaparusahan."

قُلْ مَا سَأَلْتُكُم مِّنْ أَجْرٍ فَهُوَ لَكُمْ ۖ إِنْ أَجْرِىَ إِلَّا عَلَى ٱللَّهِ ۖ وَهُوَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ شَهِيدٌ ﴿٤٧﴾

47. Ipagbadya (O Muhammad): "Wala akong hinihiling na gantimpala sa inyo (at kung mayroon man), ito ay para sa inyo; ang aking gantimpala ay mula kay Allah lamang; at Siya ang Saksi sa lahat ng bagay."

قُلْ إِنَّ رَبِّى يَقْذِفُ بِٱلْحَقِّ ۚ عَلَّٰمُ ٱلْغُيُوبِ ﴿٤٨﴾

48. Ipagbadya (O Muhammad): "Katiyakan! Ang aking Panginoon ang nagpapamalas ng Katotohanan. Siya ang Lubos na Nakakaalam ng lahat ng nalilingid."

قُلْ جَآءَ ٱلْحَقُّ وَمَا يُبْدِئُ ٱلْبَٰطِلُ وَمَا يُعِيدُ ﴿٤٩﴾

49. Ipagbadya (O Muhammad): "Ang Katotohanan (ang Qur'an) ay dumatal na at ang kabulaanan (kasinungalingan) ay hindi makagagawa ng anuman o makapagbabalik ng buhay (ng anuman)."

قُلْ إِن ضَلَلْتُ فَإِنَّمَآ أَضِلُّ عَلَىٰ نَفْسِى ۖ وَإِنِ ٱهْتَدَيْتُ فَبِمَا يُوحِىٓ إِلَىَّ رَبِّىٓ ۚ إِنَّهُۥ سَمِيعٌ قَرِيبٌ ﴿٥٠﴾

50. Ipagbadya: "Kung ako (man) ay naliligaw, ako ay maliligaw lamang sa kapariwaraan ng aking sariling kaluluwa; datapuwa't kung ako ay patuloy na napapatnubayan, ito ay dahilan sa inspirasyon na ipinagkaloob sa akin ng aking

Panginoon; katotohanang Siya ang Ganap na Nakakarinig at Malapit."

وَلَوْ تَرَىٰٓ إِذْ فَزِعُوا۟ فَلَا فَوْتَ وَأُخِذُوا۟ مِن مَّكَانٍ قَرِيبٍ ﴿٥١﴾

51. Kung iyo lamang mapagmamasdan (O Muhammad), sa sandaling sila ay magimbal sa pagkatakot (nang kanilang matunghayan ang kaparusahan sa Kabilang Buhay), datapuwa't (sila) ay walang matatakasan, at sila ay sasakmalin mula sa malapit na lugar.

وَقَالُوٓا۟ ءَامَنَّا بِهِۦ وَأَنَّىٰ لَهُمُ ٱلتَّنَاوُشُ مِن مَّكَانٍۭ بَعِيدٍ ﴿٥٢﴾

52. At sila ay magsasabi (sa Kabilang Buhay): "Kami ay sumasampalataya (na ngayon); datapuwa't paano nila matatanggap (ang Pananampalataya), sa pook na lubhang malayo (alalaong baga, ang muling makabalik sa dating buhay sa mundo).

وَقَدْ كَفَرُوا۟ بِهِۦ مِن قَبْلُ ۖ وَيَقْذِفُونَ بِٱلْغَيْبِ مِن مَّكَانٍۭ بَعِيدٍ ﴿٥٣﴾

53. At katotohanang sila ay nagtakwil sa pananampalataya (sa Kaisahan ni Allah, sa Qur'an at kay Muhammad nang lubusan), noon (sa mundong ito), at sila ay nagpapalagay ng haka-haka (tungkol) sa mga bagay na nakalingid sa malayong lugar, (alalaong baga, sila ay nagsasabi ng: "Ang Kabilang Buhay, Impiyerno, Paraiso, Muling Pagkabuhay at mga Pangako ni Allah ay pawang kabulaanan).

وَحِيلَ بَيْنَهُمْ وَبَيْنَ مَا يَشْتَهُونَ كَمَا فُعِلَ بِأَشْيَاعِهِم مِّن قَبْلُ ۚ إِنَّهُمْ كَانُوا۟ فِى شَكٍّ مُّرِيبٍ ﴿٥٤﴾

54. At isang hadlang (pamigil) ang ilalagay sa pagitan nila at sa kanilang ninanasa (alalaong baga, ang pagnanais na makapagbalik-loob kay Allah), na katulad din nang ginawa noong una (sa mga tao) na kanilang kauri. Katotohanang sila ay nasa malaking pag-aalinlangan (alalaong baga, pagtatakwil).

سُورَةُ فَاطِرٍ

Surah 35

Surat Fatir o Malaikah
(Ang Nagsimula ng Paglikha o Mga Anghel)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ang lahat ng pagluwalhati at pasasalamat ay kay Allah, ang (tanging) Nagpasimula ng Paglikha sa kalangitan at kalupaan, na lumikha sa mga anghel na tagapagbalita na may pakpak,-dalawa o tatlo o apat (na magkakatambal). Siya ang nagdaragdag sa paglikha sa anumang Kanyang maibigan. Katotohanang Siya ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ فَاطِرِ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ جَاعِلِ ٱلْمَلَٰٓئِكَةِ رُسُلًا أُو۟لِىٓ أَجْنِحَةٍ مَّثْنَىٰ وَثُلَٰثَ وَرُبَٰعَ ۚ يَزِيدُ فِى ٱلْخَلْقِ مَا يَشَآءُ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿١﴾

2. Anumang maibigan ni Allah mula sa Kanyang Habag (Kabutihan), na nais Niyang ipagkaloob sa sangkatauhan, walang sinuman ang makapipigil; at anumang Kanyang pigilan, walang sinuman ang makapagkakaloob (liban sa Kanya); at Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

مَّا يَفْتَحِ ٱللَّهُ لِلنَّاسِ مِن رَّحْمَةٍ فَلَا مُمْسِكَ لَهَا ۖ وَمَا يُمْسِكْ فَلَا مُرْسِلَ لَهُۥ مِنۢ بَعْدِهِۦ ۚ وَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٢﴾

3. O sangkatauhan! Alalahanin ninyo ang mga biyaya ni Allah na ipinagkaloob sa inyo! Mayroon pa bang ibang Manlilikha maliban kay Allah ang makapagbibigay sa inyo mula sa kalangitan at kalupaan ng panustos (na ulan, pagkain, atbp.)? Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya. Bakit kayo lumalayo (sa Kanya)?

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ ٱذْكُرُوا۟ نِعْمَتَ ٱللَّهِ عَلَيْكُمْ ۚ هَلْ مِنْ خَٰلِقٍ غَيْرُ ٱللَّهِ يَرْزُقُكُم مِّنَ ٱلسَّمَآءِ وَٱلْأَرْضِ ۚ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ۖ فَأَنَّىٰ تُؤْفَكُونَ ﴿٣﴾

4. At kung ikaw (O Muhammad) ay kanila (mang) itinakwil, katotohanang ang mga Sugo na nauna sa iyo ay itinakwil din (ng kani-kanilang pamayanan); at kay Allah magbabalik ang lahat ng pangyayari (upang pagpasyahan).

وَإِن يُكَذِّبُوكَ فَقَدْ كُذِّبَتْ رُسُلٌ مِّن قَبْلِكَ ۚ وَإِلَى ٱللَّهِ تُرْجَعُ ٱلْأُمُورُ ﴿٤﴾

5. O sangkatauhan! Katotohanan, ang pangako ni Allah ay tunay, kaya't huwag hayaan na ang makamundong buhay na ito ay makapagligaw

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ إِنَّ وَعْدَ ٱللَّهِ حَقٌّ ۖ فَلَا تَغُرَّنَّكُمُ ٱلْحَيَوٰةُ ٱلدُّنْيَا ۖ وَلَا يَغُرَّنَّكُم بِٱللَّهِ ٱلْغَرُورُ ﴿٥﴾

(makalinlang) sa inyo, at huwag (ding) hayaan na kayo ay madaya tungkol kay Allah ng isang Punong Mandaraya (alalaong baga, si Satanas).

إِنَّ ٱلشَّيْطَٰنَ لَكُمْ عَدُوٌّ فَٱتَّخِذُوهُ عَدُوًّا ۚ إِنَّمَا يَدْعُوا۟ حِزْبَهُۥ لِيَكُونُوا۟ مِنْ أَصْحَٰبِ ٱلسَّعِيرِ ﴿٦﴾

6. Katotohanang si Satanas ay inyong kaaway; kaya't ituring siya na kaaway. Inaanyayahan lamang niya ang kanyang pangkat (mga tagasunod) upang sila ay magsipanirahan sa Naglalagablab na Apoy.

ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لَهُمْ عَذَابٌ شَدِيدٌ ۖ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ لَهُم مَّغْفِرَةٌ وَأَجْرٌ كَبِيرٌ ﴿٧﴾

7. Sa mga nagtatakwil kay Allah, sasakanila ang kasakit-sakit na kaparusahan, at ang mga sumasampalataya (kay Allah) at nagsisigawa ng kabutihan ay gagawaran ng kapatawaran at kamangha-manghang gantimpala (alalaong baga, ang Paraiso).

أَفَمَن زُيِّنَ لَهُۥ سُوٓءُ عَمَلِهِۦ فَرَءَاهُ حَسَنًا ۖ فَإِنَّ ٱللَّهَ يُضِلُّ مَن يَشَآءُ وَيَهْدِى مَن يَشَآءُ ۖ فَلَا تَذْهَبْ نَفْسُكَ عَلَيْهِمْ حَسَرَٰتٍ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ عَلِيمٌۢ بِمَا يَصْنَعُونَ ﴿٨﴾

8. Kung gayon, siya kaya na ang kasamaan ng kanyang mga gawa ay ginawang kabigha-bighani sa kanya kaya't itinuring niya ang mga ito na mabuti (ay katulad ng isang matuwid na napapatnubayan)? Katotohanang si Allah ang nagliligaw sa sinumang Kanyang maibigan at namamatnubay sa sinumang Kanyang naisin. Kaya't huwag mong pahirapan ang iyong sarili sa pamimighati sa kanila, katiyakang si Allah ang Ganap na Nakakaalam ng lahat nilang ginagawa!

وَٱللَّهُ ٱلَّذِىٓ أَرْسَلَ ٱلرِّيَٰحَ فَتُثِيرُ سَحَابًا فَسُقْنَٰهُ إِلَىٰ بَلَدٍ مَّيِّتٍ فَأَحْيَيْنَا بِهِ ٱلْأَرْضَ بَعْدَ مَوْتِهَا ۚ كَذَٰلِكَ ٱلنُّشُورُ ﴿٩﴾

9. At si Allah ang nagpapadala ng hanging habagat upang maitaas nito ang mga ulap, at itinaboy Namin ang mga ito sa tigang na lupa, at (Aming) binuhay ang kalupaan pagkaraang mamatay (maging tigang). Ganito (ang mangyayari) sa muling pagkabuhay!

مَن كَانَ يُرِيدُ ٱلْعِزَّةَ فَلِلَّهِ ٱلْعِزَّةُ جَمِيعًا ۚ إِلَيْهِ يَصْعَدُ ٱلْكَلِمُ ٱلطَّيِّبُ وَٱلْعَمَلُ ٱلصَّٰلِحُ يَرْفَعُهُۥ ۚ وَٱلَّذِينَ يَمْكُرُونَ ٱلسَّيِّـَٔاتِ لَهُمْ عَذَابٌ شَدِيدٌ ۖ وَمَكْرُ أُو۟لَٰٓئِكَ هُوَ يَبُورُ ﴿١٠﴾

10. Sinuman ang maghanap ng karangalan at kapangyarihan, kung gayon, si Allah ang nag-aangkin ng lahat ng karangalan at kapangyarihan (at siya ay magkakamit lamang ng karangalan sa pamamagitan nang pagtalima at pagsamba kay Allah). Sa Kanya ay pumapanhik (ang lahat) ng mababuting salita, at ang matutuwid na gawa ang nagtataas sa mga ito (alalaong baga, upang matanggap ito ni Allah, ang matutuwid na gawa ang nagpapatunay at katibayan ng anumang sinasabi

ng kanyang dila). At sila na nagpapakana ng kasamaan, sasakanila ang kahindik-hindik na kaparusahan; at ang pagpapakana nila ay walang patutunguhan.

وَٱللَّهُ خَلَقَكُم مِّن تُرَابٍ ثُمَّ مِن نُّطْفَةٍ ثُمَّ جَعَلَكُمْ أَزْوَٰجًا ۚ وَمَا تَحْمِلُ مِنْ أُنثَىٰ وَلَا تَضَعُ إِلَّا بِعِلْمِهِۦ ۚ وَمَا يُعَمَّرُ مِن مُّعَمَّرٍ وَلَا يُنقَصُ مِنْ عُمُرِهِۦٓ إِلَّا فِى كِتَٰبٍ ۚ إِنَّ ذَٰلِكَ عَلَى ٱللَّهِ يَسِيرٌ ﴿١١﴾

11. At si Allah ang lumikha sa inyo mula sa alabok; at sumunod ay mula sa *Nutfa* (magkahalong semilya ng lalaki at babae, sa kanyang mga supling), at Kanyang ginawa kayo na magkapares (lalaki at babae). At walang babae ang magbubuntis o manganganak nang hindi Niya batid. At walang sinumang may edad na tao (o matanda na) ang pagkakalooban ng mahabang buhay, o binawasan ng bahagi ng kanyang buhay (o ng buhay ng iba pang tao) ang hindi nasa isang takdang Talaan (*Lauh-Al-Mahfuz*). Katotohanang ito ay magaan lamang kay Allah.

وَمَا يَسْتَوِى ٱلْبَحْرَانِ هَٰذَا عَذْبٌ فُرَاتٌ سَآئِغٌ شَرَابُهُۥ وَهَٰذَا مِلْحٌ أُجَاجٌ ۖ وَمِن كُلٍّ تَأْكُلُونَ لَحْمًا طَرِيًّا وَتَسْتَخْرِجُونَ حِلْيَةً تَلْبَسُونَهَا ۖ وَتَرَى ٱلْفُلْكَ فِيهِ مَوَاخِرَ لِتَبْتَغُوا۟ مِن فَضْلِهِۦ وَلَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ ﴿١٢﴾

12. At ang dalawang dagat (uri ng tubig) ay hindi magkatulad. Ang isa ay maiinom at manamis-namis sa panlasa, at ang isa (naman) ay maalat at mapait (sa panlasa). At sa magkaibang uri ng tubig, kayo ay kumakain ng sariwa at malambot na laman (isda); at kayo ay nakakakuha ng mga palamuti na naisusuot; at napagmamasdan ninyo ang mga barko na (humihiwa sa tubig) habang naglalayag dito; upang kayo ay makasumpong ng Kasaganaan ni Allah at kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat.

يُولِجُ ٱلَّيْلَ فِى ٱلنَّهَارِ وَيُولِجُ ٱلنَّهَارَ فِى ٱلَّيْلِ وَسَخَّرَ ٱلشَّمْسَ وَٱلْقَمَرَ ۖ كُلٌّ يَجْرِى لِأَجَلٍ مُّسَمًّى ۚ ذَٰلِكُمُ ٱللَّهُ رَبُّكُمْ لَهُ ٱلْمُلْكُ ۚ وَٱلَّذِينَ تَدْعُونَ مِن دُونِهِۦ مَا يَمْلِكُونَ مِن قِطْمِيرٍ ﴿١٣﴾

13. Pinaglalagom Niya (Allah) ang gabi sa maghapon (alalaong baga, ang pag-igsi ng mga oras sa gabi ay idinadagdag sa mga oras ng maghapon) at pinaglalagom Niya ang maghapon sa gabi (alalaong baga, ang pag-igsi ng mga oras sa maghapon ay idinadagdag sa mga oras ng gabi); at ipinailalim Niya (sa Kanyang kapangyarihan at batas) ang araw at buwan, ang bawat isa (sa kanila) ay umiikot (tumatakbo) sa takdang daan sa natataningang panahon. Siya si Allah, ang inyong Panginoon, Siya ang nag-aangkin ng lahat ng Kaharian (at Kapamahalaan). At ang inyong sinasamba maliban pa sa Kanya ay hindi man lamang nag-

aangkin kahit na isang *Qitmir* (isang manipis na hibla ng buto ng palmera [datiles]).

إِن تَدْعُوهُمْ لَا يَسْمَعُوا۟ دُعَآءَكُمْ وَلَوْ سَمِعُوا۟ مَا ٱسْتَجَابُوا۟ لَكُمْ ۖ وَيَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ يَكْفُرُونَ بِشِرْكِكُمْ ۚ وَلَا يُنَبِّئُكَ مِثْلُ خَبِيرٍ ﴿١٤﴾

14. Kung sila ay inyong tinatawagan, sila ay hindi nakakarinig sa inyong panawagan, at kung sila (man) ay makakarinig, sila ay hindi makakasagot o makapagbibigay sa inyong (paninikluhod). At sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay kanilang itatatwa ang inyong pagtatambal (sa kanila sa pagsamba kay Allah). At walang sinuman (O Muhammad) ang makapagbibigay sa iyo ng kaalaman na katulad (ng Tanging Isa) na Ganap na Nakakaalam (ng lahat ng mga pangyayari).

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ أَنتُمُ ٱلْفُقَرَآءُ إِلَى ٱللَّهِ ۖ وَٱللَّهُ هُوَ ٱلْغَنِىُّ ٱلْحَمِيدُ ﴿١٥﴾

15. O sangkatauhan! Kayo ang nangangailangan (ng tulong) ni Allah; datapuwa't si Allah ay hindi nangangailangan (ng tulong) ninuman, ang karapat-dapat sa lahat ng mga papuri.

إِن يَشَأْ يُذْهِبْكُمْ وَيَأْتِ بِخَلْقٍ جَدِيدٍ ﴿١٦﴾

16. Kung Kanyang naisin, kayo ay mawawasak Niya at makagagawa Siya ng ibang nilikha.

وَمَا ذَٰلِكَ عَلَى ٱللَّهِ بِعَزِيزٍ ﴿١٧﴾

17. At ito ay hindi mahirap kay Allah.

وَلَا تَزِرُ وَازِرَةٌ وِزْرَ أُخْرَىٰ ۚ وَإِن تَدْعُ مُثْقَلَةٌ إِلَىٰ حِمْلِهَا لَا يُحْمَلْ مِنْهُ شَىْءٌ وَلَوْ كَانَ ذَا قُرْبَىٰ ۗ إِنَّمَا تُنذِرُ ٱلَّذِينَ يَخْشَوْنَ رَبَّهُم بِٱلْغَيْبِ وَأَقَامُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ ۚ وَمَن تَزَكَّىٰ فَإِنَّمَا يَتَزَكَّىٰ لِنَفْسِهِۦ ۚ وَإِلَى ٱللَّهِ ٱلْمَصِيرُ ﴿١٨﴾

18. At walang sinumang may sala ang maaaring magdala ng sala ng iba. At kung sinuman ang nabibigatan at tumawag siya ng iba (upang dalhin) ang kanyang pasan, kahit na ang isang maliit na bahagi nito ay hindi maaaring dalhin (ng iba), maging ito man ay malapit sa kanya (kamag-anak). Ikaw (O Muhammad) ay makapagbabababala lamang sa kanila na nangangamba sa kanilang Panginoon na hindi (nila) nakikita at nagsasagawa ng *Salah* (takdang pagdarasal). At sinuman ang nagpapadalisay sa kanyang sarili (sa lahat ng mga kasalanan) ay nagpapadalisay lamang sa kanyang sarili (para sa kapakanan) ng kanyang kaluluwa; at ang Huling Hantungan ng lahat ay kay Allah.

وَمَا يَسْتَوِى ٱلْأَعْمَىٰ وَٱلْبَصِيرُ ﴿١٩﴾

19. At ang bulag (walang pananalig sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at ang nakakakita (nananampalataya kay Allah at sa Islam) ay hindi magkatulad;

وَلَا ٱلظُّلُمَٰتُ وَلَا ٱلنُّورُ ﴿٢٠﴾

20. Gayundin (hindi magkatulad) ang

kadiliman (kawalang-pananalig) at liwanag (pananampalataya);

وَلَا ٱلظِّلُّ وَلَا ٱلْحَرُورُ ﴿٢١﴾

21. Gayundin (hindi magkatulad) ang lilim at sikat ng araw;

وَمَا يَسْتَوِى ٱلْأَحْيَآءُ وَلَا ٱلْأَمْوَٰتُ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ يُسْمِعُ مَن يَشَآءُ ۖ وَمَآ أَنتَ بِمُسْمِعٍ مَّن فِى ٱلْقُبُورِ ﴿٢٢﴾

22. Gayundin (hindi magkatulad) ang mga buhay (mga sumasampalataya) at mga patay (walang pananampalataya). Katotohanang magagawa ni Allah na makarinig ang sinuman na Kanyang maibigan; datapuwa't hindi mo magagawa na makarinig ang (mga nakalibing) sa kanilang puntod.

إِنْ أَنتَ إِلَّا نَذِيرٌ ﴿٢٣﴾

23. Ikaw (O Muhammad) ay wala ng iba maliban sa isang tagapagbabala (alalaong baga, ang iyong tungkulin ay maiparating ang Mensahe ni Allah sa sangkatauhan, datapuwa't ang Patnubay ay nasa Kamay ni Allah).

إِنَّآ أَرْسَلْنَٰكَ بِٱلْحَقِّ بَشِيرًا وَنَذِيرًا ۚ وَإِن مِّنْ أُمَّةٍ إِلَّا خَلَا فِيهَا نَذِيرٌ ﴿٢٤﴾

24. Tunay ngang ikaw (O Muhammad) ay isinugo Namin ng may Katotohanan, bilang isang tagapagdala ng magandang balita, at bilang isang tagapagbabala; at walang pamayanan ang hindi pinadalhan ng tagapagbabala.

وَإِن يُكَذِّبُوكَ فَقَدْ كَذَّبَ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ جَآءَتْهُمْ رُسُلُهُم بِٱلْبَيِّنَٰتِ وَبِٱلزُّبُرِ وَبِٱلْكِتَٰبِ ٱلْمُنِيرِ ﴿٢٥﴾

25. At kung ikaw man ay itinakwil nila, gayundin ang kanilang mga ninuno noong una na nagpabulaan sa dumatal na mga Sugo sa kanila na may maliwanag na mga Tanda, mga Kasulatan, at Aklat na nagbibigay ng kaliwanagan,

ثُمَّ أَخَذْتُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ ۖ فَكَيْفَ كَانَ نَكِيرِ ﴿٢٦﴾

26. At pagkaraan ay Aking pinarusahan ang mga nagtakwil ng pananampalataya, at (pagmalasin) kung gaano (katindi) ang Aking pagpaparusa!

أَلَمْ تَرَ أَنَّ ٱللَّهَ أَنزَلَ مِنَ ٱلسَّمَآءِ مَآءً فَأَخْرَجْنَا بِهِۦ ثَمَرَٰتٍ مُّخْتَلِفًا أَلْوَٰنُهَا ۚ وَمِنَ ٱلْجِبَالِ جُدَدٌۢ بِيضٌ وَحُمْرٌ مُّخْتَلِفٌ أَلْوَٰنُهَا وَغَرَابِيبُ سُودٌ ﴿٢٧﴾

27. Hindi mo ba namamasdan na si Allah ang nagpapamalisbis ng tubig (ulan) mula sa alapaap? Sa pamamagitan nito ay inilabas Namin ang iba't ibang uri ng bunga ng punongkahoy (prutas) na sari-sari ang kulay. At sa kabundukan ay mayroong mga landas, puti at pula sa magkakaibang klase ng kulay, at (ang iba) ay lubhang maitim.

وَمِنَ ٱلنَّاسِ وَٱلدَّوَآبِّ وَٱلْأَنْعَٰمِ

28. At sa mga tao, sa mga nilikhang may buhay na gumagalaw, at sa mga bakahan ay mayroong

iba't ibang kulay na magkakatugma. Ang tunay na nangangamba kay Allah sa Kanyang mga alipin ay yaong may karunungan; katotohanang si Allah ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Pinakamapagpatawad.

مُخْتَلِفٌ أَلْوَٰنُهُۥ ۚ كَذَٰلِكَ ۗ إِنَّمَا يَخْشَى ٱللَّهَ مِنْ عِبَادِهِ ٱلْعُلَمَٰٓؤُا۟ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ عَزِيزٌ غَفُورٌ ﴿٢٨﴾

29. Katotohanang sila na dumadalit ng Aklat ni Allah (ang Qur'an), at nag-aalay ng *Salah* (takdang pagdarasal), at gumugugol sa kawanggawa mula sa mga biyaya na Aming ipinagkaloob sa kanila, nang hayagan at lingid, ay (tunay) na makakaasa sa isang transaksiyon (alalaong baga, tubo o pakinabang) na hindi kailanman maglalaho.

إِنَّ ٱلَّذِينَ يَتْلُونَ كِتَٰبَ ٱللَّهِ وَأَقَامُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ وَأَنفَقُوا۟ مِمَّا رَزَقْنَٰهُمْ سِرًّا وَعَلَانِيَةً يَرْجُونَ تِجَٰرَةً لَّن تَبُورَ ﴿٢٩﴾

30. Upang maibigay Niya nang ganap sa kanila ang kanilang gantimpala at paramihin (nang higit pa) para sa kanila (ang mga ito) mula sa Kanyang Kasaganaan; katotohanang Siya ang Pinakamapagpatawad at Higit na Nagbibigay-Pahalaga (sa mababuting gawa).

لِيُوَفِّيَهُمْ أُجُورَهُمْ وَيَزِيدَهُم مِّن فَضْلِهِۦٓ ۚ إِنَّهُۥ غَفُورٌ شَكُورٌ ﴿٣٠﴾

31. At yaong Aming ipinahayag sa iyo (O Muhammad) sa Aklat (ang Qur'an) ay siyang Katotohanan; na nagpapatotoo sa ipinahayag noon pang una. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakaalam at Lubos na Nakamamasid sa Kanyang mga alipin.

وَٱلَّذِىٓ أَوْحَيْنَآ إِلَيْكَ مِنَ ٱلْكِتَٰبِ هُوَ ٱلْحَقُّ مُصَدِّقًا لِّمَا بَيْنَ يَدَيْهِ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ بِعِبَادِهِۦ لَخَبِيرٌۢ بَصِيرٌ ﴿٣١﴾

32. At Aming iginawad ang Aklat (Qur'an) bilang pamana sa Aming mga alipin na Aming pinili (ang mga tagasunod ni Muhammad), datapuwa't ang ilan sa kanila ay nagbigay-kamalian (di naging makatarungan) sa kanyang sarili; ang ilan sa kanila ay masinop (di-mapag-aksaya at matipid), at ang ilan sa kanila ay nangunguna (sa pag-uunahan) sa paggawa ng mga kabutihan, sa kapahintulutan ni Allah. At ang (pagmamana ng Qur'an), katiyakang ito ay isang dakilang Biyaya.

ثُمَّ أَوْرَثْنَا ٱلْكِتَٰبَ ٱلَّذِينَ ٱصْطَفَيْنَا مِنْ عِبَادِنَا ۖ فَمِنْهُمْ ظَالِمٌ لِّنَفْسِهِۦ ۖ وَمِنْهُم مُّقْتَصِدٌ ۖ وَمِنْهُمْ سَابِقٌۢ بِٱلْخَيْرَٰتِ بِإِذْنِ ٱللَّهِ ۚ ذَٰلِكَ هُوَ ٱلْفَضْلُ ٱلْكَبِيرُ ﴿٣٢﴾

33. (Para sa kanila) ay mga Halamanan ng Walang Hanggan (Paraiso), rito sila ay magsisipasok; at sila ay papalamutihan ng mga pulseras na ginto at perlas; at dito ang kanilang kasuutan ay sutla.

جَنَّٰتُ عَدْنٍ يَدْخُلُونَهَا يُحَلَّوْنَ فِيهَا مِنْ أَسَاوِرَ مِن ذَهَبٍ وَلُؤْلُؤًا ۖ وَلِبَاسُهُمْ فِيهَا حَرِيرٌ ﴿٣٣﴾

34. At sila ay magsasabi ng: "*Al-Hamdulillah*

وَقَالُوا۟ ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ ٱلَّذِىٓ أَذْهَبَ عَنَّا ٱلْحَزَنَ ۖ

(Ang kaluwalhatian at pasasalamat ay kay Allah)", na Siyang nag-alis sa amin ng (lahat) ng kapighatian; katotohanan, ang aming Panginoon ay Pinakamapagpatawad at Higit na Nagbibigay-Pahalaga (sa mababuting gawa),

إِنَّ رَبَّنَا لَغَفُورٌ شَكُورٌ ﴿٣٤﴾

35. Na Siya, mula sa Kanyang habag, ay naglunsad sa amin sa Tahanan na hindi magmamaliw (Paraiso); rito ay walang anumang kapaguran ang sasaling sa amin at dito ay walang anumang pagkapagal (ng isipan) ang sasaling sa amin."

ٱلَّذِىٓ أَحَلَّنَا دَارَ ٱلْمُقَامَةِ مِن فَضْلِهِۦ لَا يَمَسُّنَا فِيهَا نَصَبٌ وَلَا يَمَسُّنَا فِيهَا لُغُوبٌ ﴿٣٥﴾

36. At sila na nagtatakwil (kay Allah, sa Kanyang Kaisahan at sa Islam), sasakanila ang Apoy ng Impiyerno; (ang ganap na kamatayan) ay hindi itinakda sa kanila upang sila ay mamatay (alalaong baga, kahit na sila ay pinaparusahan, sila ay hindi mamamatay), gayundin, ang kaparusahan sa kanila ay hindi magbabawa. Sa gayong paraan Namin ginagantihan ang bawat isa na walang damdamin ng pasasalamat!

وَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لَهُمْ نَارُ جَهَنَّمَ لَا يُقْضَىٰ عَلَيْهِمْ فَيَمُوتُوا۟ وَلَا يُخَفَّفُ عَنْهُم مِّنْ عَذَابِهَا ۚ كَذَٰلِكَ نَجْزِى كُلَّ كَفُورٍ ﴿٣٦﴾

37. Dito sila ay magsisitaghoy nang malakas (sa paghingi ng tulong): "O aming Panginoon! Kami ay ibalik Ninyong muli (sa buhay sa mundo); kami ay magsisigawa ng kabutihan at hindi ng mga gawaing nakahinatnan namin noon!" (Si Allah ay magwiwika): "Hindi baga kayo ay binigyan Namin ng mahabang buhay, upang kung sinuman ang nais makatanggap ng paala-ala ay makatatanggap nito (o makakaala-ala)? At ang tagapagbabala ay dumatal sa inyo, kaya't lasapin ninyo (ang kaparusahan ng inyong mga gawa). At sa *Zalimun* (mga mapaggawa ng kamalian at mapagsamba sa diyus-diyosan), sila ay walang magiging katuwang."

وَهُمْ يَصْطَرِخُونَ فِيهَا رَبَّنَآ أَخْرِجْنَا نَعْمَلْ صَٰلِحًا غَيْرَ ٱلَّذِى كُنَّا نَعْمَلُ ۚ أَوَلَمْ نُعَمِّرْكُمْ مَّا يَتَذَكَّرُ فِيهِ مَن تَذَكَّرَ وَجَآءَكُمُ ٱلنَّذِيرُ ۖ فَذُوقُوا۟ فَمَا لِلظَّٰلِمِينَ مِن نَّصِيرٍ ﴿٣٧﴾

38. Katotohanang si Allah ang Lubos na Nakakaalam (ng lahat) ng mga bagay na nalilingid sa kalangitan at kalupaan; katotohanang Siya ang may Ganap na Kaalaman kung ano ang nasa puso (ng mga tao).

إِنَّ ٱللَّهَ عَٰلِمُ غَيْبِ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ إِنَّهُۥ عَلِيمٌۢ بِذَاتِ ٱلصُّدُورِ ﴿٣٨﴾

39. Siya (Allah) ang naggawad sa inyo na

هُوَ ٱلَّذِى جَعَلَكُمْ خَلَٰٓئِفَ فِى ٱلْأَرْضِ ۚ فَمَن كَفَرَ

maging tagapagmana (sa maraming sali't saling lahi) sa kalupaan; kaya't sinuman ang hindi manampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), sa kanya ang kanyang kawalang-pananalig. At ang kawalang-pananalig ng mga hindi sumasampalataya ay hindi nakapagdaragdag sa kanila sa paningin ng kanilang Panginoon maliban sa (Kanyang) pagkamuhi; at ang kawalang-pananalig ng mga hindi sumasampalataya ay hindi nakapagdaragdag sa kanila maliban sa pagkalugi.

فَعَلَيْهِ كُفْرُهُۥ ۖ وَلَا يَزِيدُ ٱلْكَٰفِرِينَ كُفْرُهُمْ عِندَ رَبِّهِمْ إِلَّا مَقْتًا ۖ وَلَا يَزِيدُ ٱلْكَٰفِرِينَ كُفْرُهُمْ إِلَّا خَسَارًا ﴿٣٩﴾

40. Ipagbadya (O Muhammad): "Inyo bagang isinaalang-alang (alalaong baga, "Sabihin ninyo o ipaalam sa akin") ang mga (tinatagurian) ninyo na mga katambal na inyong tinatawagan maliban pa kay Allah? Ipakita ninyo sa akin kung ano ang kanilang nilikha sa mundo? O mayroon ba silang bahagi (parte) sa kalangitan? O pinagkalooban ba Namin sila ng Aklat kaya't sila (ay nananangan) sa katibayan na galing doon? Hindi, ang *Zalimun* (mga mapaggawa ng kamalian at mapagsamba sa diyus-diyosan) ay walang ipinapangako sa bawat isa sa kanila maliban sa mga panlilinlang.

قُلْ أَرَءَيْتُمْ شُرَكَآءَكُمُ ٱلَّذِينَ تَدْعُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ ۖ أَرُونِى مَاذَا خَلَقُوا۟ مِنَ ٱلْأَرْضِ أَمْ لَهُمْ شِرْكٌ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ ۚ أَمْ ءَاتَيْنَٰهُمْ كِتَٰبًا فَهُمْ عَلَىٰ بَيِّنَتٍ مِّنْهُ ۚ بَلْ إِن يَعِدُ ٱلظَّٰلِمُونَ بَعْضُهُم بَعْضًا إِلَّا غُرُورًا ﴿٤٠﴾

41. Katotohanang si Allah ang nagtatangan sa kalangitan at kalupaan, kung hindi, ang mga ito ay hindi makapagpapatuloy (na makapanatili); at kung sila ay hindi na makapagpatuloy (na makapanatili), walang sinuman ang makapagtataguyod sa mga ito (na makapanatili sa kanilang kinalalagyan) maliban sa Kanya. Katotohanang Siya ang Pinakamahinahon, ang Lagi nang Nagpapatawad.

۞ إِنَّ ٱللَّهَ يُمْسِكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ أَن تَزُولَا ۚ وَلَئِن زَالَتَآ إِنْ أَمْسَكَهُمَا مِنْ أَحَدٍ مِّنۢ بَعْدِهِۦٓ ۚ إِنَّهُۥ كَانَ حَلِيمًا غَفُورًا ﴿٤١﴾

42. At sila ay nanunumpa kay Allah sa kanilang pinakamabuklod na sumpa, na kung ang isang tagapagbabala ay dumatal sa kanila, sila ay higit na mapapatnubayan kaysa sa anumang bansa (pamayanan na una sa kanila), datapuwa't nang ang isang tagapagbabala (Muhammad) ay dumatal sa kanila, ito ay walang naidagdag sa kanila maliban sa pagtutol (sa katotohanan).

وَأَقْسَمُوا۟ بِٱللَّهِ جَهْدَ أَيْمَٰنِهِمْ لَئِن جَآءَهُمْ نَذِيرٌ لَّيَكُونُنَّ أَهْدَىٰ مِنْ إِحْدَى ٱلْأُمَمِ ۖ فَلَمَّا جَآءَهُمْ نَذِيرٌ مَّا زَادَهُمْ إِلَّا نُفُورًا ﴿٤٢﴾

43. (Sila ay tumalilis dahilan sa kanilang) kapalaluan sa kalupaan at sa kanilang

ٱسْتِكْبَارًا فِى ٱلْأَرْضِ وَمَكْرَ ٱلسَّيِّئِ ۚ وَلَا

pagpapakana ng kasamaan. Datapuwa't ang masamang pakana ay sumasakop lamang sa kanya na gumagawa nito. Ngayon, sila ba ay makakaasa ng anumang pakikitungo, maliban kung paano pinakitunguhan ang mga tao noong una? Datapuwa't kayo ay hindi kailanman makakatagpo sa pamamaraan (alalaong baga, nakagawian nang palakad o paraan) ni Allah ng anumang pagbabago, at kayo ay hindi kailanman makakatagpo sa pamamaraan ni Allah (alalaong baga, ang Kanyang pagpaparusa sa mga nagtatakwil sa mga propeta) ng anumang pagbabago.

يَحِيقُ ٱلْمَكْرُ ٱلسَّيِّئُ إِلَّا بِأَهْلِهِۦ ۚ فَهَلْ يَنظُرُونَ إِلَّا سُنَّتَ ٱلْأَوَّلِينَ ۚ فَلَن تَجِدَ لِسُنَّتِ ٱللَّهِ تَبْدِيلًا ۖ وَلَن تَجِدَ لِسُنَّتِ ٱللَّهِ تَحْوِيلًا ﴿٤٣﴾

44. Hindi baga sila nagsipaglakbay sa kalupaan at kanilang namalas kung ano ang kinasapitan nila na mga nauna sa kanila, bagama't sila ay higit na malakas sa kanila? At kay Allah, walang anupamang nasa kalangitan at kalupaan ang makakaalpas (o makasisiphayo) sa Kanya; katotohanang Siya ang Ganap na Maalam, ang Pinakamakapangyarihan.

أَوَلَمْ يَسِيرُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ فَيَنظُرُوا۟ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ وَكَانُوٓا۟ أَشَدَّ مِنْهُمْ قُوَّةً ۚ وَمَا كَانَ ٱللَّهُ لِيُعْجِزَهُۥ مِن شَىْءٍ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَلَا فِى ٱلْأَرْضِ ۚ إِنَّهُۥ كَانَ عَلِيمًا قَدِيرًا ﴿٤٤﴾

45. At kung parurusahan ni Allah ang sangkatauhan ng ayon sa kanilang ginawang (kasalanan), hindi Siya mag-iiwan sa (ibabaw) ng kalupaan ng kahit na isang nabubuhay (gumagalaw) na nilikha; datapuwa't Kanyang binigyan sila ng palugit sa natataningang panahon; nguni't sa pagsapit ng kanilang takdang taning ay dumating na (ang panahon ng kanilang kamatayan), katotohanang si Allah ang Ganap na Nagmamasid sa lahat Niyang mga alipin.

وَلَوْ يُؤَاخِذُ ٱللَّهُ ٱلنَّاسَ بِمَا كَسَبُوا۟ مَا تَرَكَ عَلَىٰ ظَهْرِهَا مِن دَآبَّةٍ وَلَٰكِن يُؤَخِّرُهُمْ إِلَىٰٓ أَجَلٍ مُّسَمًّى ۖ فَإِذَا جَآءَ أَجَلُهُمْ فَإِنَّ ٱللَّهَ كَانَ بِعِبَادِهِۦ بَصِيرًا ﴿٤٥﴾



Surah 36

Surat Ya Seen
(Mga Titik Ya at Sa)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

يٰسٓ ﴿١﴾

1. Ya, Seen. (Mga titik Ya, Sa. Ito ay isa sa mga milagro ng Qur'an at tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

وَٱلْقُرْءَانِ ٱلْحَكِيمِ ﴿٢﴾

2. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Qur'an na Tigib ng Karunungan (alalaong baga, hitik sa mga batas, katibayan, aral),

إِنَّكَ لَمِنَ ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿٣﴾

3. Katotohanang ikaw (O Muhammad) ay isa sa mga Sugo,

عَلَىٰ صِرَٰطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿٤﴾

4. Sa Tuwid na Landas.

تَنزِيلَ ٱلْعَزِيزِ ٱلرَّحِيمِ ﴿٥﴾

5. (Ito ay isang) Kapahayagan na ipinadala (Niya), ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Pinakamaawain,

لِتُنذِرَ قَوْمًا مَّآ أُنذِرَ ءَابَآؤُهُمْ فَهُمْ غَٰفِلُونَ ﴿٦﴾

6. Upang iyong mapaalalahanan ang isang pamayanan na ang mga ninuno ay hindi napaalalahanan, kaya't sila ay hindi sumunod (sa mga aral ni Allah).

لَقَدْ حَقَّ ٱلْقَوْلُ عَلَىٰٓ أَكْثَرِهِمْ فَهُمْ لَا يُؤْمِنُونَ ﴿٧﴾

7. Katotohanan, ang Salita (ng kaparusahan) ay ganap na naging totoo laban sa kanila, kaya't sila ay hindi sasampalataya.

إِنَّا جَعَلْنَا فِىٓ أَعْنَٰقِهِمْ أَغْلَٰلًا فَهِىَ إِلَى ٱلْأَذْقَانِ فَهُم مُّقْمَحُونَ ﴿٨﴾

8. Tunay nga! Kami (Allah) ay naglagay sa kanilang leeg ng mga tanikalang bakal na umaabot hanggang sa kanilang baba, upang ang kanilang ulo ay hindi makatungo.

وَجَعَلْنَا مِنۢ بَيْنِ أَيْدِيهِمْ سَدًّا وَمِنْ خَلْفِهِمْ سَدًّا فَأَغْشَيْنَٰهُمْ فَهُمْ لَا يُبْصِرُونَ ﴿٩﴾

9. At Kami ay naglagay ng hadlang (panakip) sa harapan nila at hadlang (panakip) sa likuran nila, at sila ay Aming tinakpan upang sila ay hindi makakita.

وَسَوَآءٌ عَلَيْهِمْ ءَأَنذَرْتَهُمْ أَمْ لَمْ تُنذِرْهُمْ لَا يُؤْمِنُونَ ﴿١٠﴾

10. Magkatulad lamang ito sa kanila, kahit na sila ay iyong paalalahanan o hindi paalalahanan, sila ay hindi mananampalataya.

إِنَّمَا تُنذِرُ مَنِ ٱتَّبَعَ ٱلذِّكْرَ وَخَشِيَ ٱلرَّحْمَٰنَ بِٱلْغَيْبِ ۖ فَبَشِّرْهُ بِمَغْفِرَةٍ وَأَجْرٍ كَرِيمٍ ﴿١١﴾

11. Mapapaalalahanan mo lamang siya na sumusunod sa Tagubilin (ng Qur'an) at may pangangamba sa Pinakamahabagin (Allah) na (kung saan) ay walang nakamamasid. Ibigay mo sa kanya ang magandang balita ng pagpapatawad at nag-uumapaw na gantimpala (Paraiso).

إِنَّا نَحْنُ نُحْىِ ٱلْمَوْتَىٰ وَنَكْتُبُ مَا قَدَّمُوا۟ وَءَاثَٰرَهُمْ ۚ وَكُلَّ شَىْءٍ أَحْصَيْنَٰهُ فِىٓ إِمَامٍ مُّبِينٍ ﴿١٢﴾

12. Katotohanang Kami ang nagbibigay-buhay sa mga patay, at Kami ang nagtatala kung ano ang kanilang ginawa, at kung ano ang kanilang iniwanan (na mga bakas); at ang lahat ng bagay ay Aming isinulit sa maliwanag na Aklat (*Lauh al-Mahfuz*).

وَٱضْرِبْ لَهُم مَّثَلًا أَصْحَٰبَ ٱلْقَرْيَةِ إِذْ جَآءَهَا ٱلْمُرْسَلُونَ ﴿١٣﴾

13. At iyong ihantad sa kanila bilang halimbawa (ang kasaysayan) ng mga naninirahan sa bayan (ng Antioch o Antakiya) nang may dumatal sa kanila na mga Sugo,

إِذْ أَرْسَلْنَآ إِلَيْهِمُ ٱثْنَيْنِ فَكَذَّبُوهُمَا فَعَزَّزْنَا بِثَالِثٍ فَقَالُوٓا۟ إِنَّآ إِلَيْكُم مُّرْسَلُونَ ﴿١٤﴾

14. Nang Aming suguin sa kanila ang dalawang Sugo, sila ay kapwa nila itinakwil; kaya't Aming pinalakas sila sa (pamamagitan) ng pangatlong (Sugo) na nagsasabi: "Katotohanang kami ay mga Sugo na isinugo sa inyo!"

قَالُوا۟ مَآ أَنتُمْ إِلَّا بَشَرٌ مِّثْلُنَا وَمَآ أَنزَلَ ٱلرَّحْمَٰنُ مِن شَىْءٍ إِنْ أَنتُمْ إِلَّا تَكْذِبُونَ ﴿١٥﴾

15. Sila (na mga tao sa bayan) ay nagsasabi: "Kayo ay katulad lamang namin na mga tao; at ang Pinakamahabagin (Allah) ay hindi nagpadala ng anumang kapahayagan; kayo ay gumagawa lamang ng mga kasinungalingan."

قَالُوا۟ رَبُّنَا يَعْلَمُ إِنَّآ إِلَيْكُمْ لَمُرْسَلُونَ ﴿١٦﴾

16. Ang mga Sugo ay nagsabi: "Ang aming Panginoon ang nakababatid na kami ay mga Sugo na isinugo sa inyo;

وَمَا عَلَيْنَآ إِلَّا ٱلْبَلَٰغُ ٱلْمُبِينُ ﴿١٧﴾

17. At ang aming tungkulin ay ipahayag sa inyo ang maliwanag na Mensahe."

قَالُوٓا۟ إِنَّا تَطَيَّرْنَا بِكُمْ ۖ لَئِن لَّمْ تَنتَهُوا۟ لَنَرْجُمَنَّكُمْ وَلَيَمَسَّنَّكُم مِّنَّا عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿١٨﴾

18. Ang (mga tao sa bayan) ay nagsabi: "Para sa amin, nakikita namin na kayo ay may dalang kamalasan, kaya't kung kayo ay hindi titigil, katotohanang kayo ay babatuhin namin at isang kasakit-sakit na pagpaparusa ang malalasap ninyo sa amin."

قَالُوا۟ طَٰٓئِرُكُم مَّعَكُمْ ۚ أَئِن ذُكِّرْتُم ۚ بَلْ أَنتُمْ قَوْمٌ مُّسْرِفُونَ ﴿١٩﴾

19. Sila (na mga Sugo) ay nagsabi: "Ang inyong kamalasan (kasamaan) ay nasa inyong sarili! (Tinatawag ba ninyo na kamalasan [kasamaan] ito) kung kayo ay pinapaalalahanan? Hindi,

kayo ay mga tao na sumusuway (sa lahat ng hangganan ng paglabag at nagsisigawa ng malalaking kasalanan)!"

20. At mayroong isang lalaking dumating na tumatakbo mula sa malayong bahagi ng bayan na nagsasabi: "O aking pamayanan, sundin ninyo ang mga Sugo!;

وَجَآءَ مِنْ أَقْصَا ٱلْمَدِينَةِ رَجُلٌ يَسْعَىٰ قَالَ يَٰقَوْمِ ٱتَّبِعُوا۟ ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿٢٠﴾

21. Inyong sundin sila na hindi nanghihingi ng anumang kapalit (at pabuya mula sa inyo), sila na tuwid na napapatnubayan."

ٱتَّبِعُوا۟ مَن لَّا يَسْـَٔلُكُمْ أَجْرًا وَهُم مُّهْتَدُونَ ﴿٢١﴾

22. At bakit ako ay hindi sasamba sa Kanya (Allah) na Siyang lumikha sa akin, at kayong lahat sa Kanya ay magbabalik.

وَمَا لِىَ لَآ أَعْبُدُ ٱلَّذِى فَطَرَنِى وَإِلَيْهِ تُرْجَعُونَ ﴿٢٢﴾

23. Ako ba ay magtuturing pa (sa pagsamba) maliban sa Kanya ng iba pang diyos; kung ang Pinakamahabagin (Allah) ay magnais sa akin ng kapinsalaan, ang kanilang pamamagitan ay walang magiging silbi sa anumang kaparaanan, gayundin, ako ay hindi nila maililigtas?

ءَأَتَّخِذُ مِن دُونِهِۦٓ ءَالِهَةً إِن يُرِدْنِ ٱلرَّحْمَٰنُ بِضُرٍّ لَّا تُغْنِ عَنِّى شَفَٰعَتُهُمْ شَيْـًٔا وَلَا يُنقِذُونِ ﴿٢٣﴾

24. Katotohanan! Kung magkagayon, ako ay masasadlak sa maliwanag na kamalian;

إِنِّىٓ إِذًا لَّفِى ضَلَٰلٍ مُّبِينٍ ﴿٢٤﴾

25. Katotohanan! Ako ay sumampalataya sa Panginoon ninyong (lahat). Magsipakinig kayo sa akin!"

إِنِّىٓ ءَامَنتُ بِرَبِّكُمْ فَٱسْمَعُونِ ﴿٢٥﴾

26. At dito ay ipinagbadya (sa kanya na pinatay ng mga hindi sumasampalataya): "Pumasok ka sa Halamanan (Paraiso)." Siya ay nagsabi: "Ah! Kung nalalaman lamang ito ng aking pamayanan!,

قِيلَ ٱدْخُلِ ٱلْجَنَّةَ ۖ قَالَ يَٰلَيْتَ قَوْمِى يَعْلَمُونَ ﴿٢٦﴾

27. Na ang aking Panginoon (Allah) ay nagkaloob sa akin ng kapatawaran at ako ay itinalaga Niya na mapabilang sa mga ginawaran ng karangalan!"

بِمَا غَفَرَ لِى رَبِّى وَجَعَلَنِى مِنَ ٱلْمُكْرَمِينَ ﴿٢٧﴾

28. At hindi na Kami nagsugo pa sa kanyang pamayanan pagkaraan niya ng sinumang Sugo mula sa kalangitan, gayundin, ito ay hindi na kailangan sa Amin na (muling) gawin pa.

۞ وَمَآ أَنزَلْنَا عَلَىٰ قَوْمِهِۦ مِنۢ بَعْدِهِۦ مِن جُندٍ مِّنَ ٱلسَّمَآءِ وَمَا كُنَّا مُنزِلِينَ ﴿٢٨﴾

29. Ito ay hindi hihigit pa sa isang sigaw (mula kay Gabriel, o isang pagsabog mula sa langit), (at pagmasdan), kapagkaraka sila ay (ganap na) napalis!

إِن كَانَتْ إِلَّا صَيْحَةً وَٰحِدَةً فَإِذَا هُمْ خَٰمِدُونَ ﴿٢٩﴾

30. Gaano ito kahina-hinayang para sa mga

يَٰحَسْرَةً عَلَى ٱلْعِبَادِ ۚ مَا يَأْتِيهِم مِّن رَّسُولٍ

إِلَّا كَانُوا۟ بِهِۦ يَسْتَهْزِءُونَ ﴿٣٠﴾

alipin! Kailanman ay walang sinumang Sugo ang dumatal sa kanila na hindi nila tinuya.

أَلَمْ يَرَوْا۟ كَمْ أَهْلَكْنَا قَبْلَهُم مِّنَ ٱلْقُرُونِ أَنَّهُمْ إِلَيْهِمْ لَا يَرْجِعُونَ ﴿٣١﴾

31. Hindi baga nila namamasdan kung ilang sali't saling lahi na, na una pa sa kanila ang Aming winasak? Katotohanang sila ay hindi babalik sa kanila.

وَإِن كُلٌّ لَّمَّا جَمِيعٌ لَّدَيْنَا مُحْضَرُونَ ﴿٣٢﴾

32. At katiyakan, lahat sila ay itatanghal sa Aming harapan (upang hukuman).

وَءَايَةٌ لَّهُمُ ٱلْأَرْضُ ٱلْمَيْتَةُ أَحْيَيْنَٰهَا وَأَخْرَجْنَا مِنْهَا حَبًّا فَمِنْهُ يَأْكُلُونَ ﴿٣٣﴾

33. At ang isang Tanda sa kanila ay ang kalupaan na patay (tigang); binigyan Namin ito ng buhay (ulan) at nagpasibol dito ng mga butil na kanilang kinakain.

وَجَعَلْنَا فِيهَا جَنَّٰتٍ مِّن نَّخِيلٍ وَأَعْنَٰبٍ وَفَجَّرْنَا فِيهَا مِنَ ٱلْعُيُونِ ﴿٣٤﴾

34. At nagpatubo Kami rito ng halamanan ng palmera at mga ubas, at pinapangyari Namin na bumalong dito (mula sa ilalim ng lupa) ang ilang bukal.

لِيَأْكُلُوا۟ مِن ثَمَرِهِۦ وَمَا عَمِلَتْهُ أَيْدِيهِمْ ۖ أَفَلَا يَشْكُرُونَ ﴿٣٥﴾

35. Upang sila ay makakain ng Kanyang bunga (alalaong baga, yaong pinatubo at pinamunga ni Allah para sa kanila). At hindi ang kanilang mga kamay ang may gawa nito. Hindi baga sila kung gayon, magbibigay ng pasasalamat?

سُبْحَٰنَ ٱلَّذِى خَلَقَ ٱلْأَزْوَٰجَ كُلَّهَا مِمَّا تُنۢبِتُ ٱلْأَرْضُ وَمِنْ أَنفُسِهِمْ وَمِمَّا لَا يَعْلَمُونَ ﴿٣٦﴾

36. Luwalhatiin si Allah na lumikha sa lahat ng bagay na magkapares, na tumutubo sa kalupaan, gayundin ng kanilang sarili (lalaki at babae), at ng iba pang bagay na wala silang kaalaman.

وَءَايَةٌ لَّهُمُ ٱلَّيْلُ نَسْلَخُ مِنْهُ ٱلنَّهَارَ فَإِذَا هُم مُّظْلِمُونَ ﴿٣٧﴾

37. At ang isang Tanda sa kanila ay ang gabi. Inalis (hinatak) Namin dito ang (liwanag ng) araw, kaya't sila ay (naiwan) sa kadiliman!

وَٱلشَّمْسُ تَجْرِى لِمُسْتَقَرٍّ لَّهَا ۚ ذَٰلِكَ تَقْدِيرُ ٱلْعَزِيزِ ٱلْعَلِيمِ ﴿٣٨﴾

38. At ang araw ay umiinog sa kanyang takdang landas sa (natataningang) panahon. Ito ang pagtatakda ng Sukdol sa Kapangyarihan, ang Ganap na Maalam.

وَٱلْقَمَرَ قَدَّرْنَٰهُ مَنَازِلَ حَتَّىٰ عَادَ كَٱلْعُرْجُونِ ٱلْقَدِيمِ ﴿٣٩﴾

39. At ang buwan; Aming itinakda para sa kanya ang iba't ibang (bahagdan) ng hugis (lagay o anyo), hanggang sa ito ay magbalik (na namamanaag) na katulad ng tuyot na tangkay ng palmera (datiles).

لَا ٱلشَّمْسُ يَنۢبَغِى لَهَآ أَن تُدْرِكَ ٱلْقَمَرَ وَلَا ٱلَّيْلُ سَابِقُ ٱلنَّهَارِ ۚ وَكُلٌّ فِى فَلَكٍ يَسْبَحُونَ ﴿٤٠﴾

40. Hindi pinahihintulutan na maabot ng araw ang buwan, gayundin ang gabi na malampasan ang maghapon. Sila ay kapwa lumalangoy (nakalutang) sa kanilang orbito (landas).

وَءَايَةٌ لَّهُمْ أَنَّا حَمَلْنَا ذُرِّيَّتَهُمْ فِى ٱلْفُلْكِ ٱلْمَشْحُونِ ﴿٤١﴾

41. At ang isang Tanda para sa kanila ay yaong Aming dinala ang kanilang mga ninuno (angkan o kaanak-anakan ni Propeta Noah na iniligtas sa baha o delubyo) sa isang nalululanang barko,

وَخَلَقْنَا لَهُم مِّن مِّثْلِهِۦ مَا يَرْكَبُونَ ﴿٤٢﴾

42. At nilikha Namin para sa kanila ang nakakatulad (na barko) na kanilang sinasakyan,

وَإِن نَّشَأْ نُغْرِقْهُمْ فَلَا صَرِيخَ لَهُمْ وَلَا هُمْ يُنقَذُونَ ﴿٤٣﴾

43. At kung Aming naisin, sila ay maaari Naming lunurin; at walang sinumang katuwang doon (ang makakarinig sa kanilang sigaw), gayundin, sila ay hindi maililigtas,

إِلَّا رَحْمَةً مِّنَّا وَمَتَٰعًا إِلَىٰ حِينٍ ﴿٤٤﴾

44. Maliban sa pamamagitan ng Habag mula sa Amin at isang pagtataguyod (na panustos) na pansamantala.

وَإِذَا قِيلَ لَهُمُ ٱتَّقُوا۟ مَا بَيْنَ أَيْدِيكُمْ وَمَا خَلْفَكُمْ لَعَلَّكُمْ تُرْحَمُونَ ﴿٤٥﴾

45. Datapuwa't nang ito ay ipagbadya sa kanila: "Magsipag-ingat kayo sa anumang nasa inyong harapan (mga kasalanan sa mundong ito), at anumang nasa inyong likuran (mga parusa sa Kabilang Buhay), marahil kayo ay makakatanggap ng Habag", (nguni't ipinagwalang-bahala nila ang babala).

وَمَا تَأْتِيهِم مِّنْ ءَايَةٍ مِّنْ ءَايَٰتِ رَبِّهِمْ إِلَّا كَانُوا۟ عَنْهَا مُعْرِضِينَ ﴿٤٦﴾

46. At walang Tanda ang dumating sa kanila na kabilang sa mga tanda (katibayan, kapahayagan at aral) ng kanilang Panginoon ang hindi nila itinakwil.

وَإِذَا قِيلَ لَهُمْ أَنفِقُوا۟ مِمَّا رَزَقَكُمُ ٱللَّهُ قَالَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لِلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ أَنُطْعِمُ مَن لَّوْ يَشَآءُ ٱللَّهُ أَطْعَمَهُۥٓ إِنْ أَنتُمْ إِلَّا فِى ضَلَٰلٍ مُّبِينٍ ﴿٤٧﴾

47. At kung sa kanila ay ipinagbabadya: "Gugulin ninyo (ang biyaya) na ipinagkaloob sa inyo ni Allah"; ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi sa mga sumasampalataya: "Amin bagang pakakainin siya, na kung nanaisin lamang ni Allah, siya ay Kanyang mapapakain? Kayo ay nasa maliwanag na kamalian lamang."

وَيَقُولُونَ مَتَىٰ هَٰذَا ٱلْوَعْدُ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿٤٨﴾

48. At sila ay nagsasabi: "Kailan kaya matutupad ang pangakong ito (ang Pagkabuhay na Mag-uli) kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan?"

مَا يَنظُرُونَ إِلَّا صَيْحَةً وَٰحِدَةً تَأْخُذُهُمْ وَهُمْ يَخِصِّمُونَ ﴿٤٩﴾

49. At sila ay hindi maghihintay maliban sa isang pagsabog (alalaong baga, isang sigaw o tili, na ang unang pagsabog ng Tambuli ay papatay sa bawat nabubuhay na bagay sa mundong ito ng walang babala); ito ay sasaklot sa kanila habang sila ay nagsisipagtalo sa kanilang sarili.

فَلَا يَسْتَطِيعُونَ تَوْصِيَةً وَلَآ إِلَىٰٓ أَهْلِهِمْ يَرْجِعُونَ ﴿٥٠﴾

50. At sila ay hindi magkakaroon ng panahon na makapagpamana, gayundin, sila ay hindi na makababalik pa sa kanilang pamilya.

وَنُفِخَ فِى ٱلصُّورِ فَإِذَا هُم مِّنَ ٱلْأَجْدَاثِ إِلَىٰ رَبِّهِمْ يَنسِلُونَ ﴿٥١﴾

51. At ang Tambuli ay hihipan (sa pangalawang pagkakataon), (at pagmasdan), mula sa mga libingan ay magsisilabas (ang mga tao) patungo sa kanilang Panginoon!

قَالُوا۟ يَٰوَيْلَنَا مَنۢ بَعَثَنَا مِن مَّرْقَدِنَا ۜ هَٰذَا مَا وَعَدَ ٱلرَّحْمَٰنُ وَصَدَقَ ٱلْمُرْسَلُونَ ﴿٥٢﴾

52. Sila ay magsasabi: "Ah! Kasawian sa amin! Sino ang nagpabangon sa amin mula sa aming lugar ng pagkakatulog?" (Isang tinig ang maririnig): "Ito ang ipinangako ng Pinakamahabagin (Allah), at ang mga Sugo ay nagsaysay ng Katotohanan!"

إِن كَانَتْ إِلَّا صَيْحَةً وَٰحِدَةً فَإِذَا هُمْ جَمِيعٌ لَّدَيْنَا مُحْضَرُونَ ﴿٥٣﴾

53. Ito ay isa lamang pagsabog, at kapagkaraka, silang lahat ay itatanghal sa harapan Namin!

فَٱلْيَوْمَ لَا تُظْلَمُ نَفْسٌ شَيْـًٔا وَلَا تُجْزَوْنَ إِلَّا مَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٥٤﴾

54. Sa Araw na ito (Araw ng Muling Pagkabuhay), walang sinuman ang gagawaran sa anuman ng hindi katampatan, at kayo ay hindi babayaran maliban lamang nang ayon sa inyong mga gawa.

إِنَّ أَصْحَٰبَ ٱلْجَنَّةِ ٱلْيَوْمَ فِى شُغُلٍ فَٰكِهُونَ ﴿٥٥﴾

55. Katotohanan, ang mga naninirahan sa Halamanan (Paraiso) sa Araw na yaon ay mamamangha sa (kasiyahan) na (kanilang) pinagkakaabalahan;

هُمْ وَأَزْوَٰجُهُمْ فِى ظِلَٰلٍ عَلَى ٱلْأَرَآئِكِ مُتَّكِـُٔونَ ﴿٥٦﴾

56. Sila at ang kanilang mga kabiyak ay mapapasatabi ng kaaya-ayang lilim, na nakahilig sa matataas na diban.

لَهُمْ فِيهَا فَٰكِهَةٌ وَلَهُم مَّا يَدَّعُونَ ﴿٥٧﴾

57. Sasakanila ang lahat ng (uri ng) bungang-kahoy, at lahat ng kanilang hilingin.

سَلَٰمٌ قَوْلًا مِّن رَّبٍّ رَّحِيمٍ ﴿٥٨﴾

58. (At sa kanila ay ipagtuturing): "*Salam* (Ang Kapayapaan ay sumainyo)!" Isang Salita (ng pagbati) mula sa Panginoon (Allah), ang Pinakamaawain!

وَٱمْتَٰزُوا۟ ٱلْيَوْمَ أَيُّهَا ٱلْمُجْرِمُونَ ﴿٥٩﴾

59. (At dito ay ipagsasaysay): "At, O kayong makasalanan (tampalasan, kriminal, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig kay Allah)! Magsilayo kayo sa Araw na ito (sa mga sumasampalataya)!

۞ أَلَمْ أَعْهَدْ إِلَيْكُمْ يَٰبَنِىٓ ءَادَمَ أَن لَّا تَعْبُدُوا۟ ٱلشَّيْطَٰنَ ۖ إِنَّهُۥ لَكُمْ عَدُوٌّ مُّبِينٌ ﴿٦٠﴾

60. Hindi baga ipinagtagubilin Ko sa inyo, O angkan ni Adan na huwag ninyong sambahin si Satanas? Katotohanang siya ay inyong lantad na kaaway.

وَأَنِ ٱعْبُدُونِى هَٰذَا صِرَٰطٌ مُّسْتَقِيمٌ ﴿٦١﴾

61. At kayo ay marapat na sumamba sa Akin lamang. Ito ang Tuwid na Landas.

وَلَقَدْ أَضَلَّ مِنكُمْ جِبِلًّا كَثِيرًا ۖ أَفَلَمْ تَكُونُوا۟ تَعْقِلُونَ ﴿٦٢﴾

62. At katotohanang iniligaw niya (Satanas) ang karamihan sa inyo, hindi baga kayo nakakaunawa?

هَٰذِهِۦ جَهَنَّمُ ٱلَّتِى كُنتُمْ تُوعَدُونَ ﴿٦٣﴾

63. Ito ang Impiyerno na sa inyo ay ipinangako!

ٱصْلَوْهَا ٱلْيَوْمَ بِمَا كُنتُمْ تَكْفُرُونَ ﴿٦٤﴾

64. (Magsipasok) kayo upang masunog (sa Apoy) sa Araw na ito, sapagkat kayo (ay patuloy) na nagtatwa rito.

ٱلْيَوْمَ نَخْتِمُ عَلَىٰٓ أَفْوَٰهِهِمْ وَتُكَلِّمُنَآ أَيْدِيهِمْ وَتَشْهَدُ أَرْجُلُهُم بِمَا كَانُوا۟ يَكْسِبُونَ ﴿٦٥﴾

65. Sa Araw na ito, Aming ilalapat ang kanilang bibig, at ang kanilang mga kamay ay mangungusap sa Amin, at ang kanilang mga paa ay magbibigay-saksi (tungkol) sa kanilang ginawa.

وَلَوْ نَشَآءُ لَطَمَسْنَا عَلَىٰٓ أَعْيُنِهِمْ فَٱسْتَبَقُوا۟ ٱلصِّرَٰطَ فَأَنَّىٰ يُبْصِرُونَ ﴿٦٦﴾

66. At kung Amin lamang ninais, tunay nga na magagawa Namin na bulagin ang kanilang mga mata, upang sila ay magsumikap na tumahak sa Landas, subalit paano sila kung gayon makakakita?

وَلَوْ نَشَآءُ لَمَسَخْنَٰهُمْ عَلَىٰ مَكَانَتِهِمْ فَمَا ٱسْتَطَٰعُوا۟ مُضِيًّا وَلَا يَرْجِعُونَ ﴿٦٧﴾

67. At kung Amin lamang ninais, magagawa Namin na palitan sila (bilang mga hayop o walang buhay na nilikha) sa kanilang kinalalagyan. Sa gayon, sila ay hindi makapangyayari na lumakad nang pasulong, o di kaya ay umurong.

وَمَن نُّعَمِّرْهُ نُنَكِّسْهُ فِى ٱلْخَلْقِ ۖ أَفَلَا يَعْقِلُونَ ﴿٦٨﴾

68. At siya na ginawaran Namin ng mahabang buhay, Aming pinanumbalik muli ang kanyang pagkalikha (mula sa pagiging mahina hanggang sa maging malakas sa paglaki, at muli sa pagiging mahina sa kanyang pagtanda). Hindi baga sila nakakaunawa?

وَمَا عَلَّمْنَٰهُ ٱلشِّعْرَ وَمَا يَنۢبَغِى لَهُۥٓ ۚ إِنْ هُوَ إِلَّا ذِكْرٌ وَقُرْءَانٌ مُّبِينٌ ﴿٦٩﴾

69. At hindi Namin tinuruan siya (Muhammad) ng tulain (o pagtula), at ito ay hindi nararapat sa kanya; ito ay hindi hihigit pa sa isang Paala-ala at (aral ng) Qur'an na (sadyang) malinaw.

لِّيُنذِرَ مَن كَانَ حَيًّا وَيَحِقَّ ٱلْقَوْلُ عَلَى ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٧٠﴾

70. Upang siya (Muhammad) ay magbigay ng paala-ala sa sinuman na nabubuhay, at upang ang salita (ng nakatakdang kaparusahan) ay mapatibayan laban sa mga hindi sumasam-palataya.

أَوَلَمْ يَرَوْا۟ أَنَّا خَلَقْنَا لَهُم مِّمَّا عَمِلَتْ أَيْدِينَآ

71. Hindi baga nila napagmamasdan kung paano Namin nilikha sa kanila, ang nilikha ng

أَنْعَـٰمًا فَهُمْ لَهَا مَـٰلِكُونَ ﴿٧١﴾

Aming mga Kamay, ang mga hayupan (bakahan), upang sila ang maging tagapag-ari nito.

وَذَلَّلْنَـٰهَا لَهُمْ فَمِنْهَا رَكُوبُهُمْ وَمِنْهَا يَأْكُلُونَ ﴿٧٢﴾

72. At Aming ipinailalim sila (hayupan, bakahan) sa kanila (sa paggamit). Ang iba ay kanilang sinasakyan at ang iba ay kanilang kinakain.

وَلَهُمْ فِيهَا مَنَـٰفِعُ وَمَشَارِبُ ۖ أَفَلَا يَشْكُرُونَ ﴿٧٣﴾

73. At ang mga ito (bakahan) ay mayroon (pang ibang) kapakinabangan sa kanila, rito sila ay nakakakuha (ng gatas) bilang inumin. Hindi baga sila magkakaroon ng utang na loob ng pasasalamat?

وَٱتَّخَذُوا۟ مِن دُونِ ٱللَّهِ ءَالِهَةً لَّعَلَّهُمْ يُنصَرُونَ ﴿٧٤﴾

74. At sila ay nagturing (sa pagsamba) ng iba pang diyos bukod pa kay Allah, (na umaasa) na sila ay matutulungan (ng kanilang itinuturing na mga diyos)!

لَا يَسْتَطِيعُونَ نَصْرَهُمْ وَهُمْ لَهُمْ جُندٌ مُّحْضَرُونَ ﴿٧٥﴾

75. Sila (mga diyus-diyosan) ay walang kapangyarihan na tulungan sila, at sila (mga diyus-diyosan) ay itatambad bilang isang pangkat laban sa mga sumamba sa kanila (sa Sandali ng Pagsusulit).

فَلَا يَحْزُنكَ قَوْلُهُمْ ۘ إِنَّا نَعْلَمُ مَا يُسِرُّونَ وَمَا يُعْلِنُونَ ﴿٧٦﴾

76. Kaya't huwag hayaan ang kanilang pananalita ay makapagpalumbay sa iyo (O Muhammad). Katotohanang batid Namin kung ano ang kanilang ikinukubli at kung ano ang kanilang inilalantad.

أَوَلَمْ يَرَ ٱلْإِنسَـٰنُ أَنَّا خَلَقْنَـٰهُ مِن نُّطْفَةٍ فَإِذَا هُوَ خَصِيمٌ مُّبِينٌ ﴿٧٧﴾

77. Hindi baga nababatid ng tao na Aming nilikha siya mula sa *Nutfah* (magkahalong semilya ng lalaki at babae)? Datapuwa't (pagmasdan), Siya ay (naging) lantad na kaaway!

وَضَرَبَ لَنَا مَثَلًا وَنَسِىَ خَلْقَهُۥ ۖ قَالَ مَن يُحْىِ ٱلْعِظَـٰمَ وَهِىَ رَمِيمٌ ﴿٧٨﴾

78. Siya (na hindi naniniwala sa Muling Pagkabuhay) ay nagbigay sa Amin ng isang halimbawa (talinghaga), at siya ay nakalimot sa pagkalikha (ng kanyang sarili). Siya ay nagsasabi: "Sino ang magbibigay-buhay sa mga butong ito na nangabulok na (at naging abo)?"

قُلْ يُحْيِيهَا ٱلَّذِىٓ أَنشَأَهَآ أَوَّلَ مَرَّةٍ ۖ وَهُوَ بِكُلِّ خَلْقٍ عَلِيمٌ ﴿٧٩﴾

79. Ipagbadya (O Muhammad): "Siya (Allah) ang magbibigay-buhay sa kanila na lumikha sa kanila noong una! At siya ang Lubos na Nakakaalam sa lahat ng Kanyang mga nilikha!

ٱلَّذِى جَعَلَ لَكُم مِّنَ ٱلشَّجَرِ ٱلْأَخْضَرِ

80. Siya (Allah) rin ang naggawad sa inyo ng

نَارًا فَإِذَآ أَنتُم مِّنْهُ تُوقِدُونَ ﴿٨٠﴾

apoy mula sa luntiang puno (sariwang kahoy), (at pagmasdan), kayo ay nakapagpaparingas ng apoy dito!

أَوَلَيْسَ ٱلَّذِى خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ بِقَٰدِرٍ عَلَىٰٓ أَن يَخْلُقَ مِثْلَهُم ۚ بَلَىٰ وَهُوَ ٱلْخَلَّٰقُ ٱلْعَلِيمُ ﴿٨١﴾

81. Hindi baga Siya na lumikha ng kalangitan at kalupaan ay makagagawa rin na makalikha ng katulad nila? Tunay nga! At Siya ang Sukdol na Manlilikha, at ang Ganap na Maalam!

إِنَّمَآ أَمْرُهُۥٓ إِذَآ أَرَادَ شَيْـًٔا أَن يَقُولَ لَهُۥ كُن فَيَكُونُ ﴿٨٢﴾

82. Katotohanang kung Siya ay magnais (na gumawa) ng isang bagay, ang Kanyang pag-uutos lamang ay: "Mangyari nga!" At ito ay magaganap.

فَسُبْحَٰنَ ٱلَّذِى بِيَدِهِۦ مَلَكُوتُ كُلِّ شَىْءٍ وَإِلَيْهِ تُرْجَعُونَ ﴿٨٣﴾

83. Kayat luwalhatiin Siya na nasa Kanyang mga Kamay ang paghahari (at kapamahalaan) ng lahat ng bagay, at kayong lahat sa Kanya ay magbabalik.

Surah 37

Surat As-Saffat
(Ang Nahahanay sa Antas)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ako (Allah) ay nanunumpa sa (mga anghel) na nakahanay.

وَٱلصَّٰٓفَّٰتِ صَفًّا ﴿١﴾

2. Ako (Allah) ay nanunumpa sa (mga anghel) na nagtataboy (sa mga ulap).

فَٱلزَّٰجِرَٰتِ زَجْرًا ﴿٢﴾

3. Ako (Allah) ay nanunumpa sa (mga anghel) na nagdadalit ng Aklat (ang Qur'an).

فَٱلتَّٰلِيَٰتِ ذِكْرًا ﴿٣﴾

4. Katotohanan! Ang inyong Diyos ay Tanging Isa (si Allah),

إِنَّ إِلَٰهَكُمْ لَوَٰحِدٌ ﴿٤﴾

5. Na Panginoon ng kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito, at Panginoon ng lahat ng sinisikatan ng araw!

رَبُّ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَمَا بَيْنَهُمَا وَرَبُّ ٱلْمَشَٰرِقِ ﴿٥﴾

6. Katotohanang Aming pinalamutihan ang pinakamababang kalangitan ng kagandahan ng mga bituin,

إِنَّا زَيَّنَّا ٱلسَّمَآءَ ٱلدُّنْيَا بِزِينَةٍ ٱلْكَوَاكِبِ ﴿٦﴾

7. At bilang bantay (o pangangalaga) laban sa bawat naghihimagsik na demonyo (Satanas).

وَحِفْظًا مِّن كُلِّ شَيْطَٰنٍ مَّارِدٍ ﴿٧﴾

8. Sila ay hindi makakarinig sa mga anghel na nasa kalangitan, sapagkat sila ay binabato (tinutuligsa) sa bawat panig,

لَا يَسَّمَّعُونَ إِلَى ٱلْمَلَإِ ٱلْأَعْلَىٰ وَيُقْذَفُونَ مِن كُلِّ جَانِبٍ ﴿٨﴾

9. Na itinataboy, at sa kanila ang patuloy (o masakit) na pagpaparusa,

دُحُورًا وَلَهُمْ عَذَابٌ وَاصِبٌ ﴿٩﴾

10. Maliban lamang sa kanya na nang-aagaw (ng ilang mga salita) sa pamamagitan ng pagnanakaw, nguni't sila ay tinugis ng naglalagablab na apoy, na nakatutusok (ang kislap ng liwanag).

إِلَّا مَنْ خَطِفَ ٱلْخَطْفَةَ فَأَتْبَعَهُۥ شِهَابٌ ثَاقِبٌ ﴿١٠﴾

11. Kaya't tanungin mo (O Muhammad; sila na mapagsamba sa mga diyus-diyosan): "Sila ba ay higit na malakas (o higit na may kahirapan) na nilikha, o yaong (mga iba pa) na Aming nilikha

فَٱسْتَفْتِهِمْ أَهُمْ أَشَدُّ خَلْقًا أَم مَّنْ خَلَقْنَآ ۚ إِنَّا خَلَقْنَٰهُم مِّن طِينٍ لَّازِبٍ ﴿١١﴾

(tulad ng kabundukan, kalangitan, kalupaan)?" Katotohanang Aming nilikha sila mula sa malagkit na putik!

بَلْ عَجِبْتَ وَيَسْخَرُونَ ﴿١٢﴾

12. Hindi, ikaw (O Muhammad) ay nagtataka (sa kanilang katigasan ng ulo) habang sila ay nangungutya (sa iyo at sa Qur'an).

وَإِذَا ذُكِّرُوا۟ لَا يَذْكُرُونَ ﴿١٣﴾

13. At kung sila ay pinapaalalahanan, sila ay hindi nagbibigay-pahalaga.

وَإِذَا رَأَوْا۟ ءَايَةً يَسْتَسْخِرُونَ ﴿١٤﴾

14. At kung sila ay nakamalas ng isang *Ayah* (tanda, katibayan), ay ginagawa nila itong katatawanan.

وَقَالُوٓا۟ إِنْ هَٰذَآ إِلَّا سِحْرٌ مُّبِينٌ ﴿١٥﴾

15. At sila ay nagsasabi: "Ito ay wala ng iba kundi maliwanag na pangkukulam (salamangka)!"

أَءِذَا مِتْنَا وَكُنَّا تُرَابًا وَعِظَٰمًا أَءِنَّا لَمَبْعُوثُونَ ﴿١٦﴾

16. "Ano! Kung kami ay mamatay at maging alabok at mga buto, kami baga (ay katotohanan) na muling ibabangon?

أَوَ ءَابَآؤُنَا ٱلْأَوَّلُونَ ﴿١٧﴾

17. Gayundin ang aming mga ninuno?"

قُلْ نَعَمْ وَأَنتُمْ دَٰخِرُونَ ﴿١٨﴾

18. Ipagbadya (O Muhammad): "Tunay nga, at kayo ay aalispustain."

فَإِنَّمَا هِىَ زَجْرَةٌ وَٰحِدَةٌ فَإِذَا هُمْ يَنظُرُونَ ﴿١٩﴾

19. At ito ay isa lamang sigaw (alalaong baga, sa pangalawang pagtunog ng Tambuli), at kapagkaraka, sila ay (muling nabuhay na) nandidilat (nagmamasid)!

وَقَالُوا۟ يَٰوَيْلَنَا هَٰذَا يَوْمُ ٱلدِّينِ ﴿٢٠﴾

20. At sila ay magsasabi: "Ah! Kasawian sa amin! Ito ang Araw ng Kabayaran"!

هَٰذَا يَوْمُ ٱلْفَصْلِ ٱلَّذِى كُنتُم بِهِۦ تُكَذِّبُونَ ﴿٢١﴾

21. (At dito ay ipagbabadya sa kanila): "Ito ang Araw ng Paghuhukom, na ang pagiging tunay ay palagi ninyong itinatatwa."

۞ ٱحْشُرُوا۟ ٱلَّذِينَ ظَلَمُوا۟ وَأَزْوَٰجَهُمْ وَمَا كَانُوا۟ يَعْبُدُونَ ﴿٢٢﴾

22. (At ipagbabadya sa mga anghel): "Tipunin ninyo nang sama-sama ang nagsigawa ng kamalian, gayundin ang kanilang mga kasama (mula sa mga demonyo), at ang kanilang sinasamba noon (na mga diyus-diyosan) -

مِن دُونِ ٱللَّهِ فَٱهْدُوهُمْ إِلَىٰ صِرَٰطِ ٱلْجَحِيمِ ﴿٢٣﴾

23. Bukod pa kay Allah, at ihantong sila sa daan ng Naglalagablab na Apoy (Impiyerno)!

وَقِفُوهُمْ ۖ إِنَّهُم مَّسْـُٔولُونَ ﴿٢٤﴾

24. At patigilin sila, sapagkat sila ay tatanungin:

مَا لَكُمْ لَا تَنَاصَرُونَ ﴿٢٥﴾

25. (At sila ay tatanungin): "Ano ang (hindi tama) sa inyo? Bakit kayo ay hindi magtulungan sa isa't isa (na kagaya noong ginagawa ninyo sa lupa)?"

26. Hindi, subalit sa Araw na ito, sila ay susuko (sa paghuhukom).

بَلْ هُمُ ٱلْيَوْمَ مُسْتَسْلِمُونَ ﴿٢٦﴾

27. At sila ay babaling sa bawat isa at magtatanungan sa bawat isa.

وَأَقْبَلَ بَعْضُهُمْ عَلَىٰ بَعْضٍ يَتَسَآءَلُونَ ﴿٢٧﴾

28. Sila ay magsasabi: "Kayo yaong dumarating sa amin mula sa kanang bahagi (alalaong baga, sa kanang bahagi ng isa sa amin at nagpapaganda sa amin ng bawat kasamaan at mga tukso, nag-uutos sa amin sa pagsamba sa mga diyus-diyosan at humahadlang sa amin sa Katotohanan sa pagsampalataya sa Kaisahan ni Allah at sa bawat mabubuting gawa).

قَالُوٓا۟ إِنَّكُمْ كُنتُمْ تَأْتُونَنَا عَنِ ٱلْيَمِينِ ﴿٢٨﴾

29. Sila ay magsisisagot: "Hindi, kayo rin sa inyong sarili ay walang pananampalataya!

قَالُوا۟ بَل لَّمْ تَكُونُوا۟ مُؤْمِنِينَ ﴿٢٩﴾

30. At kami ay walang kapamahalaan sa inyo. Datapuwa't kayo ay mga tao na nagmamalabis sa paglabag (palasuway, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig)!"

وَمَا كَانَ لَنَا عَلَيْكُم مِّن سُلْطَٰنٍ ۖ بَلْ كُنتُمْ قَوْمًا طَٰغِينَ ﴿٣٠﴾

31. Kaya't ngayon, ang Salita ng aming Panginoon ay binigyang-katarungan laban sa amin, na katiyakang (dapat naming) lasapin (ang kaparusahan sa aming kasalanan).

فَحَقَّ عَلَيْنَا قَوْلُ رَبِّنَآ ۖ إِنَّا لَذَآئِقُونَ ﴿٣١﴾

32. Kaya't kayo ay aming iniligaw; sapagkat katotohanang kami rin sa aming sarili ay naliligaw."

فَأَغْوَيْنَٰكُمْ إِنَّا كُنَّا غَٰوِينَ ﴿٣٢﴾

33. Katotohanang sa Araw na ito, silang lahat ay magdurusa nang sama-sama sa kaparusahan.

فَإِنَّهُمْ يَوْمَئِذٍ فِى ٱلْعَذَابِ مُشْتَرِكُونَ ﴿٣٣﴾

34. Katiyakang sa ganitong (paraan) ang Aming pakikitungo sa mga makasalanan (tampalasan, mapagsamba sa mga diyus-diyosan,, kriminal, palasuway kay Allah, walang pananalig).

إِنَّا كَذَٰلِكَ نَفْعَلُ بِٱلْمُجْرِمِينَ ﴿٣٤﴾

35. Katotohanang kapag sila ay pinagsasabihan noon ng: "Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah", sila ay labis na palalo (alalaong baga, sila ay nagtatatwa sa katotohanan).

إِنَّهُمْ كَانُوٓا۟ إِذَا قِيلَ لَهُمْ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا ٱللَّهُ يَسْتَكْبِرُونَ ﴿٣٥﴾

36. At sila ay nagsasabi: "Ano? Tatalikdan ba namin ang aming (sinasambang) mga diyos dahilan lamang sa isang makata na nasisiraan ng bait?"

وَيَقُولُونَ أَئِنَّا لَتَارِكُوٓا۟ ءَالِهَتِنَا لِشَاعِرٍ مَّجْنُونٍ ﴿٣٦﴾

37. Hindi! Datapuwa't siya (Muhammad) ay dumatal na may (dalang katibayan ng)

بَلْ جَآءَ بِٱلْحَقِّ وَصَدَّقَ ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿٣٧﴾

katotohanan (alalaong baga, dala niya ang Islam, Qur'an at paniniwala sa Kaisahan ni Allah), at siya ay nagpapatotoo (sa mensahe) ng mga Sugo (noon pang una).

إِنَّكُمْ لَذَآئِقُوا۟ ٱلْعَذَابِ ٱلْأَلِيمِ ﴿٣٨﴾

38. Katotohanang kayo (na mga walang pananampalataya), inyong lalasapin ang kasakit-sakit na kaparusahan,

وَمَا تُجْزَوْنَ إِلَّا مَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٣٩﴾

39. At kayo ay gagantihan ng wala ng iba maliban lamang sa inyong mga ginawa,

إِلَّا عِبَادَ ٱللَّهِ ٱلْمُخْلَصِينَ ﴿٤٠﴾

40. Maliban lamang sa mga piling alipin ni Allah (na matatapat).

أُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمْ رِزْقٌ مَّعْلُومٌ ﴿٤١﴾

41. Sasakanila ang nakatakdang panustos,

فَوَٰكِهُ ۖ وَهُم مُّكْرَمُونَ ﴿٤٢﴾

42. Na mga bungangkahoy; at sila ay pararangalan,

فِى جَنَّٰتِ ٱلنَّعِيمِ ﴿٤٣﴾

43. Sa Halamanan ng Kaligayahan (Paraiso).

عَلَىٰ سُرُرٍ مُّتَقَٰبِلِينَ ﴿٤٤﴾

44. (Sila ay nasa kanilang) luklukan na magkakaharap sa isa't isa.

يُطَافُ عَلَيْهِم بِكَأْسٍ مِّن مَّعِينٍۭ ﴿٤٥﴾

45. Sa karamihan nila ay ililibot ang kopa (ng alak) na nagmula sa umaagos na bukal,

بَيْضَآءَ لَذَّةٍ لِّلشَّٰرِبِينَ ﴿٤٦﴾

46. Na tulad ng kristal sa kaputian, na ang lasa ay masarap sa mga umiinom,

لَا فِيهَا غَوْلٌ وَلَا هُمْ عَنْهَا يُنزَفُونَ ﴿٤٧﴾

47. Na ito ay walang magiging masamang epekto (alalaong baga, ligtas sa pagiging mabigat o masakit sa ulo, walang sakit sa tiyan, hindi nakapipinsala sa katawan, walang damdamin ng kasalanan), gayundin naman, sila ay hindi makadarama nang pagkalango.

وَعِندَهُمْ قَٰصِرَٰتُ ٱلطَّرْفِ عِينٌ ﴿٤٨﴾

48. At (dito) ay mayroon (silang mga asawang busilak at mahinhin); na nagpipigil sa kanilang pagtingin (sa mga iba na hindi nila asawa), na may malalaki at magagandang mata,

كَأَنَّهُنَّ بَيْضٌ مَّكْنُونٌ ﴿٤٩﴾

49. Na wari bang ang mga ito ay (maselan o delikadong) itlog, na ganap na napapangalagaan.

فَأَقْبَلَ بَعْضُهُمْ عَلَىٰ بَعْضٍ يَتَسَآءَلُونَ ﴿٥٠﴾

50. At sila ay humaharap sa isa't isa at nagtatanungan (alalaong baga, nagkukwentuhan sa isa't isa).

قَالَ قَآئِلٌ مِّنْهُمْ إِنِّى كَانَ لِى قَرِينٌ ﴿٥١﴾

51. Ang isa sa kanila ay magsasabi: "Katotohanang ako ay may isang kaibigan (sa mundo),

يَقُولُ أَئِنَّكَ لَمِنَ ٱلْمُصَدِّقِينَ ﴿٥٢﴾

52. Na lagi nang nagsasabi: "Ikaw ba ay

kabilang sa mga nananalig?

أَءِذَا مِتْنَا وَكُنَّا تُرَابًا وَعِظَامًا أَءِنَّا لَمَدِينُونَ ﴿٥٣﴾

53. Na kung tayo ay mamatay at maging alabok at mga buto, katotohanang bang tayo (ay muling ibabangon) upang tumanggap ng gantimpala o kaparusahan (ayon sa ating mga gawa)?"

قَالَ هَلْ أَنتُم مُّطَّلِعُونَ ﴿٥٤﴾

54. Siya ay nagsabi: "Nais ba ninyong tumingin (sa kanya kung ano ang kanyang kinasapitan)?"

فَاطَّلَعَ فَرَءَاهُ فِى سَوَآءِ ٱلْجَحِيمِ ﴿٥٥﴾

55. Kaya't siya ay tumingin (naghanap sa kanya), at kanyang nakita siya sa gitna ng Apoy.

قَالَ تَٱللَّهِ إِن كِدتَّ لَتُرْدِينِ ﴿٥٦﴾

56. Siya ay nagsabi: "Ako ay nanunumpa kay Allah! Malapit na (sanang) nadala mo ako sa pagkawasak!

وَلَوْلَا نِعْمَةُ رَبِّى لَكُنتُ مِنَ ٱلْمُحْضَرِينَ ﴿٥٧﴾

57. At kung hindi sa Habag ng aking Panginoon (Allah), walang pagsala na ako ay isa sa mga napasama roon (sa Impiyerno)!"

أَفَمَا نَحْنُ بِمَيِّتِينَ ﴿٥٨﴾

58. (Ang mga naninirahan sa Paraiso ay magsasabi): "Tayo ba ay hindi na (muling) mamamatay?

إِلَّا مَوْتَتَنَا ٱلْأُولَىٰ وَمَا نَحْنُ بِمُعَذَّبِينَ ﴿٥٩﴾

59. Maliban lamang sa ating unang kamatayan, at tayo ba ay hindi na parurusahan (matapos na tayo ay makapasok sa Paraiso)"?

إِنَّ هَٰذَا لَهُوَ ٱلْفَوْزُ ٱلْعَظِيمُ ﴿٦٠﴾

60. Katotohanang ito nga ang Sukdol na Tagumpay!

لِمِثْلِ هَٰذَا فَلْيَعْمَلِ ٱلْعَٰمِلُونَ ﴿٦١﴾

61. Sa katulad ng ganito (Paraiso), hayaan ang (nais) magsumikap (upang magtagumpay) na magpunyagi (nang totoo).

أَذَٰلِكَ خَيْرٌ نُّزُلًا أَمْ شَجَرَةُ ٱلزَّقُّومِ ﴿٦٢﴾

62. Ito bang (Paraiso) ay higit na mainam na Tirahan, o ang puno ng *Zaqqum* (isang kahindik-hindik na puno sa Impiyerno)?

إِنَّا جَعَلْنَٰهَا فِتْنَةً لِّلظَّٰلِمِينَ ﴿٦٣﴾

63. Katotohanang Aming ginawa ito (ang *Zaqqum*) na isang parusa sa mga makasalanan (mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig, mapaggawa ng kamalian, buktot).

إِنَّهَا شَجَرَةٌ تَخْرُجُ فِىٓ أَصْلِ ٱلْجَحِيمِ ﴿٦٤﴾

64. Katotohanang ito ay isang puno na tumutubo sa kailaliman ng Impiyerno,

طَلْعُهَا كَأَنَّهُۥ رُءُوسُ ٱلشَّيَٰطِينِ ﴿٦٥﴾

65. Na ang sumusulpot nitong bunga ay wari bang mga ulo ng mga demonyo.

فَإِنَّهُمْ لَءَاكِلُونَ مِنْهَا فَمَالِـُٔونَ مِنْهَا ٱلْبُطُونَ ﴿٦٦﴾

66. Katotohanang sila ay kakain nito at ang kanilang tiyan ay mapupuno ng mga ito.

ثُمَّ إِنَّ لَهُمْ عَلَيْهَا لَشَوْبًا مِّنْ حَمِيمٍ ﴿٦٧﴾

67. At bukod pa rito, sila ay bibigyan ng

kumukulong tubig (upang inumin, na magkasangkap ang pinakulong tubig at *Zaqqum* sa kanilang tiyan).

ثُمَّ إِنَّ مَرْجِعَهُمْ لَإِلَى ٱلْجَحِيمِ ﴿٦٨﴾

68. At pagkatapos, katotohanang sila ay ibabalik sa Naglalagablab na Apoy ng Impiyerno.

إِنَّهُمْ أَلْفَوْا ءَابَآءَهُمْ ضَآلِّينَ ﴿٦٩﴾

69. Katotohanang kanilang natagpuan ang kanilang mga ninuno sa maling Landas.

فَهُمْ عَلَىٰٓ ءَاثَٰرِهِمْ يُهْرَعُونَ ﴿٧٠﴾

70. Kaya't sila rin ay nagmadali na sundan ang kanilang mga yapak!

وَلَقَدْ ضَلَّ قَبْلَهُمْ أَكْثَرُ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿٧١﴾

71. At katotohanan, ang mga nanga-unang tao noong una ay naligaw rin bago pa sa kanila;

وَلَقَدْ أَرْسَلْنَا فِيهِم مُّنذِرِينَ ﴿٧٢﴾

72. At katotohanang noon pa man, sila ay pinadalhan na Namin ng mga tagapagbabala (mga Sugo).

فَٱنظُرْ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلْمُنذَرِينَ ﴿٧٣﴾

73. Kaya't pagmasdan kung ano ang kinahinatnan ng mga pinaalalahanan (subalit hindi nakinig),

إِلَّا عِبَادَ ٱللَّهِ ٱلْمُخْلَصِينَ ﴿٧٤﴾

74. Maliban lamang sa mga piling alipin ni Allah (na matatapat).

وَلَقَدْ نَادَىٰنَا نُوحٌ فَلَنِعْمَ ٱلْمُجِيبُونَ ﴿٧٥﴾

75. At katotohanang si Noah ay nanikluhod sa Amin noon, at Kami ang Pinakamainam sa mga dumirinig (sa panalangin).

وَنَجَّيْنَٰهُ وَأَهْلَهُۥ مِنَ ٱلْكَرْبِ ٱلْعَظِيمِ ﴿٧٦﴾

76. At Aming iniadya siya at ang kanyang mga mahal sa buhay (pamilya) sa malaking kapinsalaan (sa pagkalunod).

وَجَعَلْنَا ذُرِّيَّتَهُۥ هُمُ ٱلْبَاقِينَ ﴿٧٧﴾

77. At ginawa Namin ang kanyang mga supling na mamalagi sa kalupaan (alalaong baga, si Shem, Ham at Japheth).

وَتَرَكْنَا عَلَيْهِ فِى ٱلْءَاخِرِينَ ﴿٧٨﴾

78. At iniwan Namin sa kanya (ang magandang ala-ala) para sa kanyang mga lahi na susunod sa darating na panahon.

سَلَٰمٌ عَلَىٰ نُوحٍ فِى ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٧٩﴾

79. "*Salam* (Kapayapaan, at magandang ala-ala) kay Noah mula (sa Amin) at sa mga nilalang!"

إِنَّا كَذَٰلِكَ نَجْزِى ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿٨٠﴾

80. Katotohanan, sa ganito (ang pag-iwan Namin ng magandang ala-ala kay Noah) Namin ginagantimpalaan ang *Muhsinun* (mga gumagawa ng katuwiran at kabutihan sa kapakanan ni Allah na walang pagpapasikat o naghahangad ng papuri, bagkus ay gumagawa nito ayon sa pag-uutos ni Allah).

إِنَّهُۥ مِنْ عِبَادِنَا ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٨١﴾

81. Katotohanang siya (Noah) ay kabilang sa Aming mga alipin na sumasampalataya.

ثُمَّ أَغْرَقْنَا ٱلْـَٔاخَرِينَ ﴿٨٢﴾

82. At Aming nilunod ang iba (na walang pananampalataya).

وَإِنَّ مِن شِيعَتِهِۦ لَإِبْرَٰهِيمَ ﴿٨٣﴾

83. At katotohanan, isa sa mga sumunod sa kanyang pananampalataya ay si Abraham.

إِذْ جَآءَ رَبَّهُۥ بِقَلْبٍ سَلِيمٍ ﴿٨٤﴾

84. Nang siya ay lumapit sa kanyang Panginoon na may dalisay na puso (malayo sa mga maling paniniwala at pagsamba sa mga diyus-diyosan),

إِذْ قَالَ لِأَبِيهِ وَقَوْمِهِۦ مَاذَا تَعْبُدُونَ ﴿٨٥﴾

85. Nang kanyang sabihin sa kanyang ama at sa mga tao: "Ano baga yaong inyong sinasamba?"

أَئِفْكًا ءَالِهَةً دُونَ ٱللَّهِ تُرِيدُونَ ﴿٨٦﴾

86. Yaon bang kabulaanan (bilang) mga diyos bukod pa kay Allah ang inyong ninanais (na panikluhuran)?

فَمَا ظَنُّكُم بِرَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٨٧﴾

87. Ano ang inyong pag-aakala tungkol sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang?"

فَنَظَرَ نَظْرَةً فِى ٱلنُّجُومِ ﴿٨٨﴾

88. At siya ay tumanaw nang malalim sa mga bituin.

فَقَالَ إِنِّى سَقِيمٌ ﴿٨٩﴾

89. At siya ay nagsabi: "Katotohanang ako ay (parang) magkakasakit[50] .

فَتَوَلَّوْا عَنْهُ مُدْبِرِينَ ﴿٩٠﴾

90. Kaya't sila ay tumalikod sa kanya, at nagsilisan.

فَرَاغَ إِلَىٰٓ ءَالِهَتِهِمْ فَقَالَ أَلَا تَأْكُلُونَ ﴿٩١﴾

91. At siya (Abraham) ay humarap sa kanilang mga diyus-diyosan at nagsabi: "Hindi ba ninyo kakainin ang mga handog sa harapan ninyo"?

مَا لَكُمْ لَا تَنطِقُونَ ﴿٩٢﴾

92. At ano ang nangyayari sa inyo at kayo ay hindi nagsasalita?"

فَرَاغَ عَلَيْهِمْ ضَرْبًۢا بِٱلْيَمِينِ ﴿٩٣﴾

93. At kanyang ibinaling sa kanila (diyus-diyosan) ang isang suntok sa pamamagitan ng (kanyang) kanang kamay.

فَأَقْبَلُوٓا إِلَيْهِ يَزِفُّونَ ﴿٩٤﴾

94. At pagkatapos ay pumunta sa kanya (ang mga tao na sumasamba sa mga diyus-diyosan) na humahangos.

قَالَ أَتَعْبُدُونَ مَا تَنْحِتُونَ ﴿٩٥﴾

95. Siya (Abraham) ay nagsabi: "Sinasamba ba ninyo ang mga ito na (kayo rin sa inyong sarili) ang lumilok,

وَٱللَّهُ خَلَقَكُمْ وَمَا تَعْمَلُونَ ﴿٩٦﴾

96. Samantalang si Allah ang lumikha sa inyo at yaong inyong ginagawa (na mga diyus-diyosan)!"

---

[50] Ginawa niya ang pamamaraang ito upang siya ay makapanatili sa templo ng kanilang mga diyus-diyosan at kanyang mawasak ang mga ito, at upang siya ay hindi mapasama sa kanilang paganong pagdiriwang.

قَالُوا۟ ٱبْنُوا۟ لَهُۥ بُنْيَٰنًا فَأَلْقُوهُ فِى ٱلْجَحِيمِ ﴿٩٧﴾

97. Sila ay nagsabi: "Siya (Abraham) ay inyong igawa ng pugon at itapon siya sa naglalagablab na apoy!"

فَأَرَادُوا۟ بِهِۦ كَيْدًا فَجَعَلْنَٰهُمُ ٱلْأَسْفَلِينَ ﴿٩٨﴾

98. At sila ay nagbalak ng isang pakana (alalaong baga, kapinsalaan laban sa kanya), datapuwa't ginawa Namin sila na pinakamababa!

وَقَالَ إِنِّى ذَاهِبٌ إِلَىٰ رَبِّى سَيَهْدِينِ ﴿٩٩﴾

99. At siya (Abraham) ay nagsabi (matapos na makaligtas siya sa apoy): "Katotohanang ako ay patutungo sa aking Panginoon! Siya ang mamamatnubay sa akin!"

رَبِّ هَبْ لِى مِنَ ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿١٠٠﴾

100. "O aking Panginoon! Ako ay pagkalooban Ninyo ng (mabuting) anak na lalaki mula sa matutuwid!"

فَبَشَّرْنَٰهُ بِغُلَٰمٍ حَلِيمٍ ﴿١٠١﴾

101. Kaya't ibinigay Namin sa kanya ang magandang balita tungkol sa mahinahong lalaki (Ismail).

فَلَمَّا بَلَغَ مَعَهُ ٱلسَّعْىَ قَالَ يَٰبُنَىَّ إِنِّىٓ أَرَىٰ فِى ٱلْمَنَامِ أَنِّىٓ أَذْبَحُكَ فَٱنظُرْ مَاذَا تَرَىٰ ۚ قَالَ يَٰٓأَبَتِ ٱفْعَلْ مَا تُؤْمَرُ ۖ سَتَجِدُنِىٓ إِن شَآءَ ٱللَّهُ مِنَ ٱلصَّٰبِرِينَ ﴿١٠٢﴾

102. At nang ang kanyang (anak na lalaki) ay sumapit na (sa gulang) ng kakayahan (alalaong baga, ang kakayahang magtrabaho at makatulong), siya (Abraham) ay nagsabi: "O aking anak! Aking napanaginipan na ikaw ay aking kinakatay (bilang sakripisyo kay Allah); kaya't iyong sabihin (sa akin) kung ano ang iyong nasasaloob!" (Ang anak) ay nagsabi: "O aking ama! Inyong sundin ang ipinag-utos sa inyo. Katiyakan na ako ay inyong matatagpuan, *Insha Allah* (kung ito ay naisin [loobin] ni Allah), na kabilang sa mga mapagbata (matiisin at matatag)".

فَلَمَّآ أَسْلَمَا وَتَلَّهُۥ لِلْجَبِينِ ﴿١٠٣﴾

103. At nang sila ay kapwa nagsuko (o nagpaubaya) ng kanilang sarili (sa pagsunod kay Allah), at kanyang ibinaba siya (na nakapatirapa) sa kanyang noo (upang isakripisyo),

وَنَٰدَيْنَٰهُ أَن يَٰٓإِبْرَٰهِيمُ ﴿١٠٤﴾

104. Ay Amin (Allah) siyang tinawag: "O Abraham!

قَدْ صَدَّقْتَ ٱلرُّءْيَآ ۚ إِنَّا كَذَٰلِكَ نَجْزِى ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿١٠٥﴾

105. Iyo nang natupad nang ganap ang panaginip!" Katotohanang sa ganito Namin ginagantimpalaan ang *Muhsinun* (mga gumagawa ng kabutihan ayon sa pag-uutos ni Allah).

إِنَّ هَٰذَا لَهُوَ ٱلْبَلَٰٓؤُا۟ ٱلْمُبِينُ ﴿١٠٦﴾

106. Katotohanang ito ay isang lantad na pagsubok.

وَفَدَيْنَٰهُ بِذِبْحٍ عَظِيمٍ ﴿١٠٧﴾

107. At siya ay Aming tinubos sa isang dakilang sakripisyo (alalaong baga, ipinalit sa kanya ang isang tupa).

وَتَرَكْنَا عَلَيْهِ فِى ٱلْءَاخِرِينَ ﴿١٠٨﴾

108. At Aming pinanatili para sa kanya (ang isang magandang ala-ala) sa mga susunod na sali't saling lahi (henerasyon).

سَلَٰمٌ عَلَىٰٓ إِبْرَٰهِيمَ ﴿١٠٩﴾

109. "*Salam* (Kapayapaan, at magandang ala-ala) kay Ibrahim (Abraham)"

كَذَٰلِكَ نَجْزِى ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿١١٠﴾

110. Sa ganito (ang pag-iwan Namin ng magandang ala-ala kay Abraham) Namin ginagantimpalaan ang *Muhsinun* (mga gumagawa ng kabutihan ayon sa pag-uutos ni Allah).

إِنَّهُۥ مِنْ عِبَادِنَا ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿١١١﴾

111. Katotohanang siya (Abraham) ay kabilang sa Aming mga alipin na sumasampalataya.

وَبَشَّرْنَٰهُ بِإِسْحَٰقَ نَبِيًّا مِّنَ ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿١١٢﴾

112. At Aming ginawaran siya ng magandang balita tungkol kay Isaac, isang propeta, na kabilang sa mga matutuwid.

وَبَٰرَكْنَا عَلَيْهِ وَعَلَىٰٓ إِسْحَٰقَ ۚ وَمِن ذُرِّيَّتِهِمَا مُحْسِنٌ وَظَالِمٌ لِّنَفْسِهِۦ مُبِينٌ ﴿١١٣﴾

113. At Aming pinagpala siya at si Isaac, at sa kanilang mga supling ay may gumagawa ng kabutihan at may gumagawa ng lantarang kamalian sa kanyang sarili (pagiging makasalanan).

وَلَقَدْ مَنَنَّا عَلَىٰ مُوسَىٰ وَهَٰرُونَ ﴿١١٤﴾

114. At katotohanang Aming ibinigay ang Aming paglingap kay Moises at Aaron.

وَنَجَّيْنَٰهُمَا وَقَوْمَهُمَا مِنَ ٱلْكَرْبِ ٱلْعَظِيمِ ﴿١١٥﴾

115. At Aming iniadya sila at ang kanilang pamayanan sa malaking kasiphayuan.

وَنَصَرْنَٰهُمْ فَكَانُوا۟ هُمُ ٱلْغَٰلِبِينَ ﴿١١٦﴾

116. At sila ay tinulungan Namin, at sila ay nagsipagtagumpay.

وَءَاتَيْنَٰهُمَا ٱلْكِتَٰبَ ٱلْمُسْتَبِينَ ﴿١١٧﴾

117. At iginawad Namin sa kanila ang Kasulatan na nagpapaliwanag sa mga bagay-bagay.

وَهَدَيْنَٰهُمَا ٱلصِّرَٰطَ ٱلْمُسْتَقِيمَ ﴿١١٨﴾

118. At sila ay pinatnubayan Namin sa Matuwid na Landas.

وَتَرَكْنَا عَلَيْهِمَا فِى ٱلْءَاخِرِينَ ﴿١١٩﴾

119. At Aming pinanatili para sa kanila (ang isang magandang ala-ala) sa mga susunod na sali't saling lahi (henerasyon).

سَلَٰمٌ عَلَىٰ مُوسَىٰ وَهَٰرُونَ ﴿١٢٠﴾

120. "*Salam* (Kapayapaan, at magandang ala-ala) kina Moises at Aaron!"

إِنَّا كَذَٰلِكَ نَجْزِى ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿١٢١﴾

121. Katotohanan, sa ganito (ang pag-iwan Namin ng magandang ala-ala kina Moises at

Aaron) Namin ginagantimpalaan ang *Muhsinun* (mga gumagawa ng kabutihan ayon sa pag-uutos ni Allah).

إِنَّهُمَا مِنْ عِبَادِنَا ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿١٢٢﴾

122. Katotohanang sila (Moises at Aaron) ay kabilang sa Aming mga alipin na sumasampalataya.

وَإِنَّ إِلْيَاسَ لَمِنَ ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿١٢٣﴾

123. At katotohanang si Elias ay kabilang sa mga Sugo.

إِذْ قَالَ لِقَوْمِهِۦٓ أَلَا تَتَّقُونَ ﴿١٢٤﴾

124. Nang kanyang ipahayag sa kanyang pamayanan: "Hindi baga kayo nangangamba (kay Allah)?"

أَتَدْعُونَ بَعْلًا وَتَذَرُونَ أَحْسَنَ ٱلْخَٰلِقِينَ ﴿١٢٥﴾

125. "Kayo ba ay magsisidalangin kay Baal (isang tanyag na diyus-diyosan na kanilang sinasamba) at inyong tatalikuran ang Pinakamainam sa lahat ng mga Manlilikha?"

ٱللَّهَ رَبَّكُمْ وَرَبَّ ءَابَآئِكُمُ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿١٢٦﴾

126. "Si Allah, ang inyong Panginoon, at Panginoon ng inyong mga ninuno noong pang una?"

فَكَذَّبُوهُ فَإِنَّهُمْ لَمُحْضَرُونَ ﴿١٢٧﴾

127. At kanilang itinakwil siya (Elias), at katotohanan na sila ay dadalhin (tungo sa kaparusahan),

إِلَّا عِبَادَ ٱللَّهِ ٱلْمُخْلَصِينَ ﴿١٢٨﴾

128. Maliban lamang sa mga piling alipin ni Allah (na matatapat).

وَتَرَكْنَا عَلَيْهِ فِى ٱلْءَاخِرِينَ ﴿١٢٩﴾

129. At Aming pinanatili para sa kanya (ang isang magandang ala-ala) sa mga susunod na sali't saling lahi (henerasyon).

سَلَٰمٌ عَلَىٰٓ إِلْ يَاسِينَ ﴿١٣٠﴾

130. "*Salam* (Kapayapaan, at magandang ala-ala) kay Ilyasin (Elias)!"

إِنَّا كَذَٰلِكَ نَجْزِى ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿١٣١﴾

131. Katotohanan, sa ganito (ang pag-iwan Namin ng magandang ala-ala kay Elias) Namin ginagantimpalaan ang *Muhsinun* (mga gumagawa ng kabutihan ayon sa pag-uutos ni Allah).

إِنَّهُۥ مِنْ عِبَادِنَا ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿١٣٢﴾

132. Katotohanang siya (Elias) ay kabilang sa Aming mga alipin na sumasampalataya.

وَإِنَّ لُوطًا لَّمِنَ ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿١٣٣﴾

133. At katotohanang si Lut ay kabilang sa mga Sugo.

إِذْ نَجَّيْنَٰهُ وَأَهْلَهُۥٓ أَجْمَعِينَ ﴿١٣٤﴾

134. Nang Aming iniligtas siya at ang kanyang pamilya, silang lahat,

إِلَّا عَجُوزًا فِى ٱلْغَٰبِرِينَ ﴿١٣٥﴾

135. Maliban sa isang matandang babae (ang kanyang asawa) na isa sa mga nagpaiwan.

ثُمَّ دَمَّرْنَا ٱلْـَٔاخَرِينَ ﴿١٣٦﴾

136. At Aming winasak ang mga natira (alalaong baga, ang mga bayan ng Sodom na nasa lugar ng Patay na Dagat [Dead Sea] sa Palestina).

وَإِنَّكُمْ لَتَمُرُّونَ عَلَيْهِم مُّصْبِحِينَ ﴿١٣٧﴾

137. Katotohanang kayo ay dumaraan sa kanila sa umaga,

وَبِٱلَّيْلِ ۗ أَفَلَا تَعْقِلُونَ ﴿١٣٨﴾

138. At sa gabi; kayo baga ay hindi nakakaunawa?

وَإِنَّ يُونُسَ لَمِنَ ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿١٣٩﴾

139. At katotohanang si Jonas ay kabilang sa mga Sugo,

إِذْ أَبَقَ إِلَى ٱلْفُلْكِ ٱلْمَشْحُونِ ﴿١٤٠﴾

140. Nang siya ay tumakbo sa barko na puno ng karga.

فَسَاهَمَ فَكَانَ مِنَ ٱلْمُدْحَضِينَ ﴿١٤١﴾

141. Siya (ay pumayag) na magpalabunutan, at siya ay isa sa mga talunan (nawalan).

فَٱلْتَقَمَهُ ٱلْحُوتُ وَهُوَ مُلِيمٌ ﴿١٤٢﴾

142. Kaya't isang (malaking) isda ang lumulon sa kanya, at siya ang dapat na sisihin sa kanyang ginawa.

فَلَوْلَآ أَنَّهُۥ كَانَ مِنَ ٱلْمُسَبِّحِينَ ﴿١٤٣﴾

143. Kung hindi lamang (kabilang siya) sa mga lumuluwalhati kay Allah,

لَلَبِثَ فِى بَطْنِهِۦٓ إِلَىٰ يَوْمِ يُبْعَثُونَ ﴿١٤٤﴾

144. Katotohanan na walang pagsala na mananatili siya sa tiyan (ng isda) hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

۞ فَنَبَذْنَٰهُ بِٱلْعَرَآءِ وَهُوَ سَقِيمٌ ﴿١٤٥﴾

145. Subalit siya ay iniluwa Namin sa lantad na pasigan (ng dagat) habang (siya) ay may sakit.

وَأَنۢبَتْنَا عَلَيْهِ شَجَرَةً مِّن يَقْطِينٍ ﴿١٤٦﴾

146. At Aming pinapangyari na tumubo sa ibabaw (tabi) niya ang isang malabay na puno (isang punong gourd na nagbibigay nang malamig na lilim at nakapagpapaalis sa mga langaw).

وَأَرْسَلْنَٰهُ إِلَىٰ مِاْئَةِ أَلْفٍ أَوْ يَزِيدُونَ ﴿١٤٧﴾

147. At Aming isinugo siya (sa isang misyon) sa isang daang libong tao o higit pa.

فَـَٔامَنُوا۟ فَمَتَّعْنَٰهُمْ إِلَىٰ حِينٍ ﴿١٤٨﴾

148. At sila ay nagsisampalataya, kaya't Aming hinayaan na sila ay magsaya sa kaunting sandali.

فَٱسْتَفْتِهِمْ أَلِرَبِّكَ ٱلْبَنَاتُ وَلَهُمُ ٱلْبَنُونَ ﴿١٤٩﴾

149. Kaya't magtanong ka sa kanila (O Muhammad): "(Tunay) bang ang inyong Panginoon ay may mga anak na babae samantalang sila ay may mga anak na lalaki?

أَمْ خَلَقْنَا ٱلْمَلَٰٓئِكَةَ إِنَٰثًا وَهُمْ شَٰهِدُونَ ﴿١٥٠﴾

150. O nilikha ba Namin ang mga anghel na mga babae, samantalang sila ang mga saksi?

أَلَآ إِنَّهُم مِّنْ إِفْكِهِمْ لَيَقُولُونَ ﴿١٥١﴾

151. Katotohanan, ito ay mula sa kanilang (mga paganong Quraish) kabulaanan na kanilang sinasabing:

152. "Si Allah ay nagkaroon ng anak'', katotohanang sila ay mga sinungaling!

وَلَدَ ٱللَّهُ وَإِنَّهُمْ لَكَٰذِبُونَ ﴿١٥٢﴾

153. Siya (Allah) baga ay pumili ng mga anak na babae kaysa sa mga anak na lalaki?

أَصْطَفَى ٱلْبَنَاتِ عَلَى ٱلْبَنِينَ ﴿١٥٣﴾

154. Ano ang nangyayari sa inyo? Paano kayo humahatol?

مَا لَكُمْ كَيْفَ تَحْكُمُونَ ﴿١٥٤﴾

155. Kung gayon, hindi baga kayo mapapaalalahanan?

أَفَلَا تَذَكَّرُونَ ﴿١٥٥﴾

156. O mayroon ba kayong malinaw na kapamahalaan (awtoridad)?

أَمْ لَكُمْ سُلْطَٰنٌ مُّبِينٌ ﴿١٥٦﴾

157. Kung gayon, inyong dalhin ang inyong Aklat (ng kapamahalaan) kung kayo ay makatotohanan!

فَأْتُوا۟ بِكِتَٰبِكُمْ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿١٥٧﴾

158. At sila ay kumatha (ng kasinungalingan), na sa pagitan Niya at ng *Jinn* ay may pagkakamag-anak, datapuwa't matagal nang batid ng *Jinn* na sila (na gumawa ng gayong pagbibintang) ay dadalhin (sa kaparusahan).

وَجَعَلُوا۟ بَيْنَهُۥ وَبَيْنَ ٱلْجِنَّةِ نَسَبًا ۚ وَلَقَدْ عَلِمَتِ ٱلْجِنَّةُ إِنَّهُمْ لَمُحْضَرُونَ ﴿١٥٨﴾

159. Luwalhatiin si Allah! Siya ay Higit na Mataaas (sa lahat ng bagay) na kanilang iniaakibat sa Kanya!

سُبْحَٰنَ ٱللَّهِ عَمَّا يَصِفُونَ ﴿١٥٩﴾

160. (Sila ay parurusahan) maliban lamang sa mga piling alipin ni Allah (na matatapat).

إِلَّا عِبَادَ ٱللَّهِ ٱلْمُخْلَصِينَ ﴿١٦٠﴾

161. Kaya't katotohanang kayo (na hindi nananampalataya) at ang inyong sinasamba (na mga diyus-diyosan),

فَإِنَّكُمْ وَمَا تَعْبُدُونَ ﴿١٦١﴾

162. Ay hindi makapagliligaw sa sinuman,

مَآ أَنتُمْ عَلَيْهِ بِفَٰتِنِينَ ﴿١٦٢﴾

163. Maliban sa kanya na nakatakdang masunog sa Naglalagablab na Apoy (Impiyerno)!

إِلَّا مَنْ هُوَ صَالِ ٱلْجَحِيمِ ﴿١٦٣﴾

164. Walang sinuman sa amin (mga anghel) ang hindi nakakaalam sa aming takdang kalalagyan (o puwesto);

وَمَا مِنَّآ إِلَّا لَهُۥ مَقَامٌ مَّعْلُومٌ ﴿١٦٤﴾

165. At katotohanan, kaming (mga anghel) ay nakatindig na magkakahanay sa pagdarasal (na katulad din ninyong mga Muslim sa inyong pagdarasal);

وَإِنَّا لَنَحْنُ ٱلصَّآفُّونَ ﴿١٦٥﴾

166. At katotohanan, kaming (mga anghel), kami ay sumasambit ng kaluwalhatian (ni Allah sa aming pananalangin)!"

وَإِنَّا لَنَحْنُ ٱلْمُسَبِّحُونَ ﴿١٦٦﴾

167. At katotohanang sila (na hindi sumasampalataya) ay laging nagsasabi:

وَإِن كَانُوا۟ لَيَقُولُونَ ﴿١٦٧﴾

168. "Kung kami lamang ay nakatanggap ng Mensahe noong una (bago dumatal si Propeta Muhammad bilang isang Sugo ni Allah),

لَوْ أَنَّ عِندَنَا ذِكْرًا مِّنَ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿١٦٨﴾

169. Katotohanang kami ay walang pagsala na magiging (kasama ng mga) piling alipin ni Allah!"

لَكُنَّا عِبَادَ ٱللَّهِ ٱلْمُخْلَصِينَ ﴿١٦٩﴾

170. Datapuwa't sila ay hindi nagsipaniwala rito (sa kanilang sariling mensahe, ang Qur'an), kaya't (hindi magtatagal) ay kanilang mapag-aalaman!

فَكَفَرُوا۟ بِهِۦ ۖ فَسَوْفَ يَعْلَمُونَ ﴿١٧٠﴾

171. At ang Aming Salita (alalaong baga, ang kautusan) ay nauna na noon pa man sa Aming mga alipin, ang mga sugo,

وَلَقَدْ سَبَقَتْ كَلِمَتُنَا لِعِبَادِنَا ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿١٧١﴾

172. (Na) katotohanang sila ay ginawaran na magsipagtagumpay.

إِنَّهُمْ لَهُمُ ٱلْمَنصُورُونَ ﴿١٧٢﴾

173. At katotohanan, ang Aming mga kawal (na sumasampalataya) ay magwawagi.

وَإِنَّ جُندَنَا لَهُمُ ٱلْغَٰلِبُونَ ﴿١٧٣﴾

174. Kaya't sila ay talikuran mo (O Muhammad), nang pansamantala.

فَتَوَلَّ عَنْهُمْ حَتَّىٰ حِينٍ ﴿١٧٤﴾

175. At pagmasdan (mo kung ano ang sasapit) sa kanila, sapagkat makikita nila (ang kaparusahan)!

وَأَبْصِرْهُمْ فَسَوْفَ يُبْصِرُونَ ﴿١٧٥﴾

176. Sila baga ay naghahanap na madaliin ang Aming Kaparusahan?

أَفَبِعَذَابِنَا يَسْتَعْجِلُونَ ﴿١٧٦﴾

177. Datapuwa't kung ito ay pababain na sa kanilang bakuran, kasamaan ang magiging umaga ng mga pinaalalahanan (subalit hindi nakinig)!

فَإِذَا نَزَلَ بِسَاحَتِهِمْ فَسَآءَ صَبَاحُ ٱلْمُنذَرِينَ ﴿١٧٧﴾

178. At talikuran mo sila (O Muhammad), nang pansamantala.

وَتَوَلَّ عَنْهُمْ حَتَّىٰ حِينٍ ﴿١٧٨﴾

179. At pagmasdan, kanilang makikita (ang kaparusahan)!

وَأَبْصِرْ فَسَوْفَ يُبْصِرُونَ ﴿١٧٩﴾

180. Maluwalhati ang iyong Panginoon! Ang Panginoon ng Karangalan at Kapangyarihan! (Siya ay ganap na malaya) sa lahat ng mga itinatambal nila sa Kanya!

سُبْحَٰنَ رَبِّكَ رَبِّ ٱلْعِزَّةِ عَمَّا يَصِفُونَ ﴿١٨٠﴾

181. At *Salam* (Kapayapaan, at magandang ala-ala) sa mga Sugo!

وَسَلَٰمٌ عَلَى ٱلْمُرْسَلِينَ ﴿١٨١﴾

182. At ang lahat ng mga Pagpupuri ay kay Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang.

وَٱلْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿١٨٢﴾



Surah 38

Surat Sad
(Ang Titik Sa)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

صٓ ۚ وَٱلْقُرْءَانِ ذِى ٱلذِّكْرِ ﴿١﴾

1. Sad. (Ang titik Sa. Ito ay isa sa mga milagro ng Qur'an at tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan). Ako (Allah) ay nanunumpa sa Qur'an na tigib ng pagpapaala-ala (na ito ang katotohanan).

بَلِ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ فِى عِزَّةٍ وَشِقَاقٍ ﴿٢﴾

2. Datapuwa't ang mga walang pananampalataya ay nasa huwad na kapalaluan at pagtutol.

كَمْ أَهْلَكْنَا مِن قَبْلِهِم مِّن قَرْنٍ فَنَادَوا۟ وَّلَاتَ حِينَ مَنَاصٍ ﴿٣﴾

3. Ilan na bang mga sali't saling lahi na una pa sa kanila ang Aming winasak? Sa katapusan, sila ay nanikluhod (ng habag), nang wala ng panahon na sila ay maliligtas!

وَعَجِبُوٓا۟ أَن جَآءَهُم مُّنذِرٌ مِّنْهُمْ ۖ وَقَالَ ٱلْكَٰفِرُونَ هَٰذَا سَٰحِرٌ كَذَّابٌ ﴿٤﴾

4. At sila (mga paganong Arabo) ay nagtataka na ang isang Tagapagbabala (Muhammad) ay dumatal sa kanila mula sa kanilang lipon! At ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Siya (si Propeta Muhammad) ay isang manggagaway at isang sinungaling!"

أَجَعَلَ ٱلْءَالِهَةَ إِلَٰهًا وَٰحِدًا ۖ إِنَّ هَٰذَا لَشَىْءٌ عُجَابٌ ﴿٥﴾

5. "Ginawa ba niya ang mga diyos na (maging) Isang Diyos (Allah) lamang? Katotohanang ito ay kakaibang (kataka-takang) bagay!"

وَٱنطَلَقَ ٱلْمَلَأُ مِنْهُمْ أَنِ ٱمْشُوا۟ وَٱصْبِرُوا۟ عَلَىٰٓ ءَالِهَتِكُمْ ۖ إِنَّ هَٰذَا لَشَىْءٌ يُرَادُ ﴿٦﴾

6. At ang mga pinuno sa kanila ay nagpatuloy na umalis (na nagsasabi): "Ipagpatuloy ninyo (ito) at maging matiyaga (sa pagtatanggol) sa inyong mga diyos! Sapagkat katotohanang ito ay isang bagay (na sadyang) ginawa (laban sa inyo)!

مَا سَمِعْنَا بِهَٰذَا فِى ٱلْمِلَّةِ ٱلْءَاخِرَةِ إِنْ هَٰذَآ إِلَّا ٱخْتِلَٰقٌ ﴿٧﴾

7. Hindi namin kailanman narinig (ang katulad nito) sa pinakahuling relihiyon (alalaong baga, ang Kristiyanismo). Ito ay wala ng iba maliban sa isang hinabing kuwento!"

أَءُنزِلَ عَلَيْهِ ٱلذِّكْرُ مِنۢ بَيْنِنَا ۖ بَلْ هُمْ فِى شَكٍّ مِّن

8. Ano? Ang Paala-ala (Mensahe) baga ay

ipinanaog (lamang) sa kanya mula sa karamihan natin? Hindi, datapuwa't sila ay nag-aalinlangan hinggil sa Aking Paala-ala (ang Mensahe, ang Qur'an)! Hindi, datapuwa't hindi pa nila ang nalalasap (ang Aking) Kaparusahan!

ذِكْرِى ۚ بَل لَّمَّا يَذُوقُوا۟ عَذَابِ ﴿٨﴾

9. O mayroon ba silang mga Kaban ng Habag ng iyong Panginoon, - ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tagapagkaloob ng mga Biyaya ng walang pasubali?

أَمْ عِندَهُمْ خَزَآئِنُ رَحْمَةِ رَبِّكَ ٱلْعَزِيزِ ٱلْوَهَّابِ ﴿٩﴾

10. O kanila ba ang paghahari sa kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito? Kaya't kung gayon, hayaan silang pumanhik sa (kalangitan) sa anumang paraang kanilang magagawa!

أَمْ لَهُم مُّلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَمَا بَيْنَهُمَا ۖ فَلْيَرْتَقُوا۟ فِى ٱلْأَسْبَٰبِ ﴿١٠﴾

11. (Sila ay wala ng iba maliban na) mga sundalo (na) magagapi na (katulad ng) magkakaanib na pangkat (nang unang panahon na nagapi).

جُندٌ مَّا هُنَالِكَ مَهْزُومٌ مِّنَ ٱلْأَحْزَابِ ﴿١١﴾

12. Bago pa sa kanila (ay marami na) ang nagpabulaan (sa mga Sugo). Ang pamayanan ni Noah; at (ang angkan) ng A'ad; at ni Paraon, ang may-ari ng mga tulos (urang) [na kanyang ipinangpaparusa sa mga tao].

كَذَّبَتْ قَبْلَهُمْ قَوْمُ نُوحٍ وَعَادٌ وَفِرْعَوْنُ ذُو ٱلْأَوْتَادِ ﴿١٢﴾

13. At (ang angkan ng) Thamud, at ang pamayanan ni Lut, at ang mga nananahan sa kakahuyan (ang mga tao ng Madyan); sila ang magkakaanib.

وَثَمُودُ وَقَوْمُ لُوطٍ وَأَصْحَٰبُ لْـَٔيْكَةِ ۖ أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلْأَحْزَابُ ﴿١٣﴾

14. Wala isa man (sa kanila) ang hindi nagtakwil sa mga Sugo, kaya't ang Aking Kaparusahan ay karapat-dapat sa kanila.

إِن كُلٌّ إِلَّا كَذَّبَ ٱلرُّسُلَ فَحَقَّ عِقَابِ ﴿١٤﴾

15. At sila ay naghihintay lamang sa isang Matinding Sigaw (alalaong baga, ang pag-ihip sa Tambuli ni Anghel Israfil - Sarafil), at (sa sandaling ito ay sumapit), ito ay hindi magbabawa (hanggang ang lahat ay maglaho maliban kay Allah [ang tunay na Diyos na Puspos ng Kamahalan, Kasaganaan at Karangalan]).

وَمَا يَنظُرُ هَٰٓؤُلَآءِ إِلَّا صَيْحَةً وَٰحِدَةً مَّا لَهَا مِن فَوَاقٍ ﴿١٥﴾

16. Sila ay nagsasabi (bilang pangungutya): "Aming Panginoon! Madaliin Ninyo sa amin ang aming bahagi (ng kaparusahan sa mundong ito), bago pa dumatal ang Araw ng Pagsusulit!"

وَقَالُوا۟ رَبَّنَا عَجِّل لَّنَا قِطَّنَا قَبْلَ يَوْمِ ٱلْحِسَابِ ﴿١٦﴾

17. Maging matiyaga (O Muhammad) sa anumang sinasabi nila, at iyong alalahanin ang Aming alipin na si David na ginawaran ng lakas (at kapangyarihan). Katotohanang siya ay lagi nang nagbabalik-loob (kay Allah).

اصْبِرْ عَلَىٰ مَا يَقُولُونَ وَاذْكُرْ عَبْدَنَا دَاوُودَ ذَا الْأَيْدِ ۖ إِنَّهُ أَوَّابٌ ﴿١٧﴾

18. Katotohanang Aming ginawa ang kabundukan na magsisambit ng mga pagpupuri sa Amin na kasama siya (David), sa sandali ng dapithapon at bukang-liwayway.

إِنَّا سَخَّرْنَا الْجِبَالَ مَعَهُ يُسَبِّحْنَ بِالْعَشِيِّ وَالْإِشْرَاقِ ﴿١٨﴾

19. At gayundin, ang mga ibon ay nagtitipon na kasama niya (David) sa palagiang pagluwalhati sa Kanya.

وَالطَّيْرَ مَحْشُورَةً ۖ كُلٌّ لَّهُ أَوَّابٌ ﴿١٩﴾

20. At Aming pinatatag ang kanyang kaharian at siya ay ginawaran Namin ng karunungan (pagka-Propeta) at makatarungang pagsasalita at pagpapasya.

وَشَدَدْنَا مُلْكَهُ وَآتَيْنَاهُ الْحِكْمَةَ وَفَصْلَ الْخِطَابِ ﴿٢٠﴾

21. Nakarating na ba sa iyo ang kasaysayan ng magkalaban (magkaalitan), nang sila ay umakyat sa bakod ng kanyang (David) pinagdarasalan (santuwaryo)?;

۞ وَهَلْ أَتَاكَ نَبَأُ الْخَصْمِ إِذْ تَسَوَّرُوا الْمِحْرَابَ ﴿٢١﴾

22. Nang sila ay pumasok kay David at siya ay nagimbal sa kanila, (nguni't) sila ay nagsabi: "Huwag kang matakot! Kami ay dalawang magkalaban (magkaalitan), ang isa sa amin ay nakagawa ng kamalian sa isa, kaya't kami ay iyong hatulan ng may katotohanan (makatarungan), at huwag (kang) magmalabis tungkol (dito), at kami ay iyong gabayan sa Tuwid na Landas.

إِذْ دَخَلُوا عَلَىٰ دَاوُودَ فَفَزِعَ مِنْهُمْ ۖ قَالُوا لَا تَخَفْ ۖ خَصْمَانِ بَغَىٰ بَعْضُنَا عَلَىٰ بَعْضٍ فَاحْكُمْ بَيْنَنَا بِالْحَقِّ وَلَا تُشْطِطْ وَاهْدِنَا إِلَىٰ سَوَاءِ الصِّرَاطِ ﴿٢٢﴾

23. "Katotohanan, ang taong ito ay aking kapatid (sa pananampalataya), siya ay mayroong siyamnapu at siyam na tupang babae, samantalang ako ay mayroon (lamang) isang tupang babae, at siya ay nagsabi: "Ipagkatiwala mo yaon sa akin (aking aalagaan yaon para sa iyo), at ako ay natalo niya sa pagsasalita (pangangatwiran)."

إِنَّ هَٰذَا أَخِي لَهُ تِسْعٌ وَتِسْعُونَ نَعْجَةً وَلِيَ نَعْجَةٌ وَاحِدَةٌ فَقَالَ أَكْفِلْنِيهَا وَعَزَّنِي فِي الْخِطَابِ ﴿٢٣﴾

24. (Si David ay nangusap na hindi muna nakinig sa inihihinaing): "Siya ay walang alinlangan na nakagawa sa iyo ng kamalian nang kanyang hilingin ang nag-iisa mong babaeng tupa upang idagdag sa kanyang

قَالَ لَقَدْ ظَلَمَكَ بِسُؤَالِ نَعْجَتِكَ إِلَىٰ نِعَاجِهِ ۖ وَإِنَّ كَثِيرًا مِّنَ الْخُلَطَاءِ لَيَبْغِي بَعْضُهُمْ عَلَىٰ بَعْضٍ إِلَّا الَّذِينَ آمَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ وَقَلِيلٌ مَّا

(kawan) ng babaeng tupa. At katotohanang marami sa mga magkakasosyo ang nang-aapi ng iba, maliban sa mga sumasampalataya at nagsisigawa ng kabutihan, at sila ay kakarampot lamang. At si David ay nakaramdam na siya ay Aming sinubukan at humingi siya ng kapatawaran sa kanyang Panginoon, nanikluhod, at yumuko (sa pagpapatirapa), at nagbalik-loob (kay Allah).

هُمْ ۗ وَظَنَّ دَاوُۥدُ أَنَّمَا فَتَنَّٰهُ فَٱسْتَغْفَرَ رَبَّهُۥ وَخَرَّ رَاكِعًا وَأَنَابَ ۩ ﴿٢٤﴾

25. Kaya't siya ay pinatawad Namin, at katotohanang sasakanya ang pagiging malapit niya sa Amin, at isang mainam na lugar (ng Huling) Pagbabalik (Paraiso).

فَغَفَرْنَا لَهُۥ ذَٰلِكَ ۖ وَإِنَّ لَهُۥ عِندَنَا لَزُلْفَىٰ وَحُسْنَ مَـَٔابٍ ﴿٢٥﴾

26. O David! Katotohanang ikaw ay ginawa Namin na maging *Khalifa* (tagapamahala na mamamahala sa halip [kapakanan] ni Allah) sa kalupaan, kaya't ikaw ay humatol sa pagitan ng mga tao sa katotohanan (at katarungan), at huwag mong sundin ang iyong pagnanasa, sapagkat ito ang magliligaw sa iyo sa Landas ni Allah. Katotohanang sila na naliligaw sa landas ni Allah ay makakasumpong ng matinding kaparusahan sapagkat kinalimutan nila ang Araw ng Pagsusulit.

يَٰدَاوُۥدُ إِنَّا جَعَلْنَٰكَ خَلِيفَةً فِى ٱلْأَرْضِ فَٱحْكُم بَيْنَ ٱلنَّاسِ بِٱلْحَقِّ وَلَا تَتَّبِعِ ٱلْهَوَىٰ فَيُضِلَّكَ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ ۚ إِنَّ ٱلَّذِينَ يَضِلُّونَ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ لَهُمْ عَذَابٌ شَدِيدٌۢ بِمَا نَسُوا۟ يَوْمَ ٱلْحِسَابِ ﴿٢٦﴾

27. At hindi Namin nilikha ang kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito ng walang kadahilanan! Ito ang napag-aakala ng mga hindi sumasampalataya! Kaya't kasawian sa mga walang pananampalataya sa Apoy (ng Impiyerno)!

وَمَا خَلَقْنَا ٱلسَّمَآءَ وَٱلْأَرْضَ وَمَا بَيْنَهُمَا بَٰطِلًا ۚ ذَٰلِكَ ظَنُّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ ۚ فَوَيْلٌ لِّلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِنَ ٱلنَّارِ ﴿٢٧﴾

28. Ituturing ba Namin ang mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at nagsisigawa ng kabutihan na katulad ng mga mapaggawa ng kabuktutan (mga mapagsamba sa diyus-diyosan) sa kalupaan? O di kaya'y ituturing ba Namin ang *Muttaqun* (mga matimtiman at matutuwid na nananampalataya kay Allah) na katulad ng mga makasalanan (kriminal, walang pananalig, tampalasan at buhong)?

أَمْ نَجْعَلُ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ كَٱلْمُفْسِدِينَ فِى ٱلْأَرْضِ أَمْ نَجْعَلُ ٱلْمُتَّقِينَ كَٱلْفُجَّارِ ﴿٢٨﴾

29. Naririto ang isang Aklat (Qur'an) na Aming ipinanaog sa iyo na puspos ng biyaya, upang sila ay makapagmuni-muni sa mga Talata nito, at upang ang mga may pang-unawa ay makaala-ala.

كِتَٰبٌ أَنزَلْنَٰهُ إِلَيْكَ مُبَٰرَكٌ لِّيَدَّبَّرُوٓا۟ ءَايَٰتِهِۦ وَلِيَتَذَكَّرَ أُو۟لُوا۟ ٱلْأَلْبَٰبِ ﴿٢٩﴾

30. At kay David ay Aming ipinagkaloob si Solomon (bilang anak). Gaano kainam siyang alipin! Katotohanang siya ay lagi nang nagbabalik-loob (kay Allah).

وَوَهَبْنَا لِدَاوُۥدَ سُلَيْمَٰنَ ۚ نِعْمَ ٱلْعَبْدُ ۖ إِنَّهُۥٓ أَوَّابٌ ﴿٣٠﴾

31. (Alalahanin) nang itinambad sa kanyang harapan sa kinahapunan ang matitikas (husto sa tindig) na pangarerang kabayo (na lubos na sinanay at may mataas na lahi na magagamit sa *Jihad* tungo sa Kapakanan ni Allah),

إِذْ عُرِضَ عَلَيْهِ بِٱلْعَشِىِّ ٱلصَّٰفِنَٰتُ ٱلْجِيَادُ ﴿٣١﴾

32. At siya ay nagsabi: "Tunay ngang higit kong pinahahalagahan ang kayamanan (mga kabayo) kaysa sa pag-aala-ala sa aking Panginoon (sa panghapong pagdarasal [Asr])", hanggang ang araw ay natakpan na ng lambong (ng gabi),

فَقَالَ إِنِّىٓ أَحْبَبْتُ حُبَّ ٱلْخَيْرِ عَن ذِكْرِ رَبِّى ۖ حَتَّىٰ تَوَارَتْ بِٱلْحِجَابِ ﴿٣٢﴾

33. At kanyang sinabi: "Dalhing muli sila (mga kabayo) sa akin". At sinimulan niyang putulin (pugutin) ang kanilang mga binti at kanilang leeg[51] .

رُدُّوهَا عَلَىَّ ۖ فَطَفِقَ مَسْحًۢا بِٱلسُّوقِ وَٱلْأَعْنَاقِ ﴿٣٣﴾

34. At katotohanang Aming sinubukan si Solomon, at inihagis Namin sa kanyang trono (luklukan) ang isang hamak na katawan, at matapos siya ay nagsisi.

وَلَقَدْ فَتَنَّا سُلَيْمَٰنَ وَأَلْقَيْنَا عَلَىٰ كُرْسِيِّهِۦ جَسَدًا ثُمَّ أَنَابَ ﴿٣٤﴾

35. Siya ay nagsabi: "O aking Panginoon! Ako ay patawarin Ninyo at Inyong pagkalooban ako ng isang kaharian na hindi mapapasakamay ng iba pagkatapos ko. Katotohanang Kayo ang Tagapagbigay ng mga Biyaya nang walang pasubali.

قَالَ رَبِّ ٱغْفِرْ لِى وَهَبْ لِى مُلْكًا لَّا يَنۢبَغِى لِأَحَدٍ مِّنۢ بَعْدِىٓ ۖ إِنَّكَ أَنتَ ٱلْوَهَّابُ ﴿٣٥﴾

36. At ipinailalim Namin ang Hangin sa kanyang kapangyarihan na umihip nang mabanayad sa kanyang pag-uutos anuman ang kanyang naisin,

فَسَخَّرْنَا لَهُ ٱلرِّيحَ تَجْرِى بِأَمْرِهِۦ رُخَآءً حَيْثُ أَصَابَ ﴿٣٦﴾

37. At (gayundin) ang mga demonyo (sa lipon ng mga *Jinn*), na kasama ang bawat tagapagtayo at maninisid,

وَٱلشَّيَٰطِينَ كُلَّ بَنَّآءٍ وَغَوَّاصٍ ﴿٣٧﴾

38. At gayundin ang iba pa na natatalian ng mga kadena (posas).

وَءَاخَرِينَ مُقَرَّنِينَ فِى ٱلْأَصْفَادِ ﴿٣٨﴾

---

[51] Si Solomon ay nagsabi: "Ako ay nanunumpa kay Allah na hindi mo na ako pipigilan na muling sambahin ang aking Panginoon", at pagkatapos ay kanyang ipinag-utos na ang mga ito ay katayin, kaya't ang leeg at binti nito ay tinaga ng mga espada. (Tafseer Ibn Kathir)

هَٰذَا عَطَآؤُنَا فَٱمۡنُنۡ أَوۡ أَمۡسِكۡ بِغَيۡرِ حِسَابٖ ﴿٣٩﴾

39. (Winika ni Allah kay Solomon): "Ito ang Aming regalo, kung ito man ay iyong ibigay (sa iba) o angkinin ito, walang pagsusulit ang itatanong (sa iyo)."

وَإِنَّ لَهُۥ عِندَنَا لَزُلۡفَىٰ وَحُسۡنَ مَـَٔابٖ ﴿٤٠﴾

40. At katotohanang siya ay naging malapit sa Amin, (at para sa kanya) ay mayroong mainam na lugar ng pagbabalik (Paraiso).

وَٱذۡكُرۡ عَبۡدَنَآ أَيُّوبَ إِذۡ نَادَىٰ رَبَّهُۥٓ أَنِّي مَسَّنِيَ ٱلشَّيۡطَٰنُ بِنُصۡبٖ وَعَذَابٍ ﴿٤١﴾

41. At alalahanin ang Aming alipin na si Job, nang siya ay manikluhod sa Kanyang Panginoon (na nagsasabi): "Katotohanan, ang demonyo ay naggawad sa akin ng siphayo (sa pagkakaroon ng sakit), at kaparusahan (sa pagkawala ng aking kayamanan).

ٱرۡكُضۡ بِرِجۡلِكَۖ هَٰذَا مُغۡتَسَلُۢ بَارِدٞ وَشَرَابٞ ﴿٤٢﴾

42. (At winika ni Allah sa kanya): "Ipadyak mo ang iyong paa sa lupa; ito ay isang (bukal para sa) malamig na pampaligo at inumin."

وَوَهَبۡنَا لَهُۥٓ أَهۡلَهُۥ وَمِثۡلَهُم مَّعَهُمۡ رَحۡمَةٗ مِّنَّا وَذِكۡرَىٰ لِأُوْلِي ٱلۡأَلۡبَٰبِ ﴿٤٣﴾

43. At ibinalik Naming muli sa kanya ang kanyang pamilya at pinarami ito sa gayon ding bilang, bilang isang Habag mula sa Amin at isang Paala-ala sa mga may pang-unawa.

وَخُذۡ بِيَدِكَ ضِغۡثٗا فَٱضۡرِب بِّهِۦ وَلَا تَحۡنَثۡۗ إِنَّا وَجَدۡنَٰهُ صَابِرٗاۚ نِّعۡمَ ٱلۡعَبۡدُۖ إِنَّهُۥٓ أَوَّابٞ ﴿٤٤﴾

44. (Aming [Allah] winika): "At ilagay mo sa iyong kamay ang isang bungkos (ng damo) at hampasin mo nito (ang iyong asawa) at huwag mong sirain ang iyong sumpa (pangako)." Katotohanang siya ay natagpuan Namin na lubos na matiyaga (at matimtiman). Gaano kainam siyang alipin! Katotohanang siya ay laging nagbabalik-loob (kay Allah)!

وَٱذۡكُرۡ عِبَٰدَنَآ إِبۡرَٰهِيمَ وَإِسۡحَٰقَ وَيَعۡقُوبَ أُوْلِي ٱلۡأَيۡدِي وَٱلۡأَبۡصَٰرِ ﴿٤٥﴾

45. At alalahanin ang Aming mga alipin na sina Abraham, Isaac at Hakob, na nagtataglay ng katatagan (sa pagsamba sa Amin), gayundin ng pang-unawa sa pananampalataya.

إِنَّآ أَخۡلَصۡنَٰهُم بِخَالِصَةٖ ذِكۡرَى ٱلدَّارِ ﴿٤٦﴾

46. Katotohanang sila ay hinirang Namin dahil sa (kanilang) natatanging kainaman (kalidad): ang (kanilang) pag-aala-ala sa tahanan (ng Kabilang Buhay).

وَإِنَّهُمۡ عِندَنَا لَمِنَ ٱلۡمُصۡطَفَيۡنَ ٱلۡأَخۡيَارِ ﴿٤٧﴾

47. At katotohanang sa Aming Paningin, sila ay nasa lipon ng mga Hinirang at Pinakamahusay (at Magaling)!

وَٱذۡكُرۡ إِسۡمَٰعِيلَ وَٱلۡيَسَعَ وَذَا ٱلۡكِفۡلِۖ وَكُلّٞ مِّنَ ٱلۡأَخۡيَارِ ﴿٤٨﴾

48. At alalahanin sina Ismail, Elisha at Dhul-Kifl; ang bawat isa sa kanila ay nasa lipon ng mga Pinakamahusay (at Magaling).

هَٰذَا ذِكْرٌ ۖ وَإِنَّ لِلْمُتَّقِينَ لَحُسْنَ مَآبٍ ﴿٤٩﴾

49. Ito ay isang Paala-ala, at katotohanang sa *Muttaqun* (mga matimtiman at matutuwid na nananampalataya kay Allah) ay mayroong isang magandang lugar ng (Huling) Pagbabalik (Paraiso),

جَنَّٰتِ عَدْنٍ مُّفَتَّحَةً لَّهُمُ ٱلْأَبْوَٰبُ ﴿٥٠﴾

50. Mga Halamanan ng Walang Hanggan (Paraiso), na ang pintuan ay ibubukas sa kanila,

مُتَّكِـِٔينَ فِيهَا يَدْعُونَ فِيهَا بِفَٰكِهَةٍ كَثِيرَةٍ وَشَرَابٍ ﴿٥١﴾

51. Dito sila ay sasandig (sa pagpapahingalay); dito sila ay hihiling ng saganang bungangkahoy at (malinamnam) na inumin,

وَعِندَهُمْ قَٰصِرَٰتُ ٱلطَّرْفِ أَتْرَابٌ ﴿٥٢﴾

52. At (dito) ay mayroon (silang mga asawang busilak at mahinhin); na magkakatulad ang gulang.

هَٰذَا مَا تُوعَدُونَ لِيَوْمِ ٱلْحِسَابِ ﴿٥٣﴾

53. Ito ang pangako sa inyo (O mga mananampalataya) sa Araw ng Pagsusulit!

إِنَّ هَٰذَا لَرِزْقُنَا مَا لَهُۥ مِن نَّفَادٍ ﴿٥٤﴾

54. (Sa kanila ay ipagbabadya): "Katotohanang ito ang Aming panustos (na kasaganaan), ang mga ito ay hindi magmamaliw."

هَٰذَا ۚ وَإِنَّ لِلطَّٰغِينَ لَشَرَّ مَـَٔابٍ ﴿٥٥﴾

55. Ito na nga (ang gayon)! Datapuwa't para sa *Taghun* (mga mapaggawa ng kamalian, palasuway at mapaglabag kay Allah) ay mayroong isang masamang lugar ng (Huling) Pagbabalik -

جَهَنَّمَ يَصْلَوْنَهَا فَبِئْسَ ٱلْمِهَادُ ﴿٥٦﴾

56. Sa Impiyerno! Dito sila ay (papasok) upang silaban, at napakasama ng gayong lugar ng pamamahinga!

هَٰذَا فَلْيَذُوقُوهُ حَمِيمٌ وَغَسَّاقٌ ﴿٥٧﴾

57. Ito na nga (kung gayon)! Kaya't hayaang lasapin nila ito -, isang nakababanling tubig at (mabahong) katas (mula sa nana ng sugat)!

وَءَاخَرُ مِن شَكْلِهِۦٓ أَزْوَٰجٌ ﴿٥٨﴾

58. At ang iba pang (pagpaparusa) sa maraming uri, (lahat ito nang sama-sama)!

هَٰذَا فَوْجٌ مُّقْتَحِمٌ مَّعَكُمْ ۖ لَا مَرْحَبًۢا بِهِمْ ۚ إِنَّهُمْ صَالُوا۟ ٱلنَّارِ ﴿٥٩﴾

59. (Ang mga naninirahan dito ay magsasabi:) "Ito ay isang pangkat na papasok na kasama ninyo (sa Apoy ng Impiyerno). Kayo ay hindi sasalubungin. Katotohanang sila ay masusunog sa Apoy!

قَالُوا۟ بَلْ أَنتُمْ لَا مَرْحَبًۢا بِكُمْ ۖ أَنتُمْ قَدَّمْتُمُوهُ لَنَا ۖ فَبِئْسَ ٱلْقَرَارُ ﴿٦٠﴾

60. (Ang mga tagasunod ay magsasabi sa mga pinuno na nagligaw): "Gayundin kayo; hindi kayo sasalubungin. Kayo (na aming mga pinuno) ang naghantong sa amin (sa ganitong kalagayan), at pagkasama-sama ng lugar na ito para panahanan!"

61. Sila ay magsasabi: "O Panginoon! Kung sinuman ang nagdala sa amin sa katatayuang ito, idagdag Ninyo sa kanila ang dalawang ulit na kaparusahan sa Apoy!"

قَالُوا۟ رَبَّنَا مَن قَدَّمَ لَنَا هَٰذَا فَزِدْهُ عَذَابًا ضِعْفًا فِى ٱلنَّارِ ﴿٦١﴾

62. At sila ay magsasabi: "Ano ang nangyari sa amin, na hindi namin makita ang mga tao (ang mga sumasampalataya) na noon ay lagi naming ibinibilang sa lipon ng masasama?"

وَقَالُوا۟ مَا لَنَا لَا نَرَىٰ رِجَالًا كُنَّا نَعُدُّهُم مِّنَ ٱلْأَشْرَارِ ﴿٦٢﴾

63. Ito kaya ay (sa dahilang) itinuring namin sila (bilang isang bagay) ng pangungutya, o ang (aming) bang mga mata ay nabaling na palayo sa kanila (kaya sila ay hindi namin mabanaagan)?"

أَتَّخَذْنَٰهُمْ سِخْرِيًّا أَمْ زَاغَتْ عَنْهُمُ ٱلْأَبْصَٰرُ ﴿٦٣﴾

64. Katiyakang ito ang katotohanan (alalaong baga, ang realidad), ang pag-aaway-away ng mga tao ng Apoy (ng Impiyerno)!

إِنَّ ذَٰلِكَ لَحَقٌّ تَخَاصُمُ أَهْلِ ٱلنَّارِ ﴿٦٤﴾

65. Ipagbadya mo (O Muhammad): "Ako ay isa lamang tagapagbabala at wala ng ibang Diyos maliban kay Allah, ang Tanging Nag-iisa, ang Pinakamataas sa Kapangyarihan,

قُلْ إِنَّمَآ أَنَا۠ مُنذِرٌ ۖ وَمَا مِنْ إِلَٰهٍ إِلَّا ٱللَّهُ ٱلْوَٰحِدُ ٱلْقَهَّارُ ﴿٦٥﴾

66. Ang Panginoon ng kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito, ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Lagi nang Nagpapatawad."

رَبُّ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَمَا بَيْنَهُمَا ٱلْعَزِيزُ ٱلْغَفَّارُ ﴿٦٦﴾

67. Ipagbadya: "Ito (ang Qur'an) ay isang dakilang balita,

قُلْ هُوَ نَبَؤٌا۟ عَظِيمٌ ﴿٦٧﴾

68. Na inyong tinatalikdan!

أَنتُمْ عَنْهُ مُعْرِضُونَ ﴿٦٨﴾

69. Wala akong kaalaman sa mga pinuno (ng anghel) sa kaitaasan nang sila ay nagsisipagtalo (tungkol sa paglikha kay Adan),

مَا كَانَ لِىَ مِنْ عِلْمٍۭ بِٱلْمَلَإِ ٱلْأَعْلَىٰٓ إِذْ يَخْتَصِمُونَ ﴿٦٩﴾

70. Ito ay hindi ipinahayag sa akin, maliban na ako ay isang lantad na tagapagbabala (lamang)."

إِن يُوحَىٰٓ إِلَىَّ إِلَّآ أَنَّمَآ أَنَا۠ نَذِيرٌ مُّبِينٌ ﴿٧٠﴾

71. (Alalahanin) nang ang iyong Panginoon ay nagwika sa mga anghel: "Katotohanang Ako ay lilikha ng tao mula sa malagkit na putik."

إِذْ قَالَ رَبُّكَ لِلْمَلَٰٓئِكَةِ إِنِّى خَٰلِقٌۢ بَشَرًا مِّن طِينٍ ﴿٧١﴾

72. Nang Aking mahubog siya at Aking mahingahan ang kaluluwa na Aking (nilikha para sa kanya), sila ay nagpatirapa sa kanya (bilang paggalang at pagsunod sa Aking kautusan).

فَإِذَا سَوَّيْتُهُۥ وَنَفَخْتُ فِيهِ مِن رُّوحِى فَقَعُوا۟ لَهُۥ سَٰجِدِينَ ﴿٧٢﴾

73. Kaya't ang mga anghel ay nagpatirapa silang lahat nang sama-sama;

فَسَجَدَ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ كُلُّهُمْ أَجْمَعُونَ ﴿٧٣﴾

74. Maliban kay Iblis (Satanas); siya ay naging palalo at napabilang sa mga hindi sumasampalataya.

إِلَّآ إِبْلِيسَ ٱسْتَكْبَرَ وَكَانَ مِنَ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٧٤﴾

75. (Si Allah) ay nagwika: "O Iblis! Ano ang pumigil sa iyo na magpatirapa sa kanya na Aking nilikha (sa pamamagitan) ng Aking mga Kamay? Ikaw ba ay lubhang palalo o ikaw ay kabilang sa mga mapagmataas?"

قَالَ يَٰٓإِبۡلِيسُ مَا مَنَعَكَ أَن تَسۡجُدَ لِمَا خَلَقۡتُ بِيَدَيَّۖ أَسۡتَكۡبَرۡتَ أَمۡ كُنتَ مِنَ ٱلۡعَالِينَ ٧٥

76. (Si Iblis) ay nagsabi: "Ako ay higit na mainam sa kanya. Ako ay nilikha Ninyo mula sa apoy, at siya ay Inyong nilikha mula sa malagkit na putik."

قَالَ أَنَا۠ خَيۡرٞ مِّنۡهُۖ خَلَقۡتَنِي مِن نَّارٖ وَخَلَقۡتَهُۥ مِن طِينٖ ٧٦

77. (Si Allah) ay nagwika: "Kung gayon, ikaw ay humayo rito (sa Paraiso), sapagkat ikaw ay katotohanang isinumpa (at itinakwil).

قَالَ فَٱخۡرُجۡ مِنۡهَا فَإِنَّكَ رَجِيمٞ ٧٧

78. At katotohanan, ang Aking sumpa ay mananatili sa iyo hanggang sa Araw ng Paghuhukom."

وَإِنَّ عَلَيۡكَ لَعۡنَتِيٓ إِلَىٰ يَوۡمِ ٱلدِّينِ ٧٨

79. (Si Iblis) ay nagsabi: "O aking Panginoon! Ako ay bigyan Ninyo ng palugit hanggang sa araw na (ang mga patay) ay ibabangon!"

قَالَ رَبِّ فَأَنظِرۡنِيٓ إِلَىٰ يَوۡمِ يُبۡعَثُونَ ٧٩

80. (Si Allah) ay nagwika: "Katotohanan, ang palugit ay ipinagkaloob sa iyo,

قَالَ فَإِنَّكَ مِنَ ٱلۡمُنظَرِينَ ٨٠

81. Hanggang sa araw ng takdang panahon."

إِلَىٰ يَوۡمِ ٱلۡوَقۡتِ ٱلۡمَعۡلُومِ ٨١

82. (Si Iblis) ay nagsabi: "Ako ay nanunumpa sa Inyong Kapangyarihan, silang lahat ay aking hahatakin sa pagkaligaw (sa Tuwid na Landas),

قَالَ فَبِعِزَّتِكَ لَأُغۡوِيَنَّهُمۡ أَجۡمَعِينَ ٨٢

83. Maliban lamang sa Inyong mga piling alipin (na matatapat) sa kanilang lipon."

إِلَّا عِبَادَكَ مِنۡهُمُ ٱلۡمُخۡلَصِينَ ٨٣

84. (Si Allah) ay nagwika: "Ang Katotohanan (ay Aking sumpa), at ang Katotohanan ay Aking winiwika,

قَالَ فَٱلۡحَقُّ وَٱلۡحَقَّ أَقُولُ ٨٤

85. (Na) katotohanang Aking pupunuin ang Impiyerno na kasama ka (Iblis) at sila na susunod sa iyo mula sa kanilang lipon, nang sama-sama."

لَأَمۡلَأَنَّ جَهَنَّمَ مِنكَ وَمِمَّن تَبِعَكَ مِنۡهُمۡ أَجۡمَعِينَ ٨٥

86. Ipagbadya (O Muhammad): "Wala akong hinihintay na kabayaran sa inyo rito (sa Qur'an), gayundin, ako ay hindi isa sa mga nagpapanggap (manlilinlang).

قُلۡ مَآ أَسۡـَٔلُكُمۡ عَلَيۡهِ مِنۡ أَجۡرٖ وَمَآ أَنَا۠ مِنَ ٱلۡمُتَكَلِّفِينَ ٨٦

87. Ito (ang Qur'an) ay isa lamang Paala-ala sa lahat ng mga nilalang.

إِنۡ هُوَ إِلَّا ذِكۡرٞ لِّلۡعَٰلَمِينَ ٨٧

88. At katiyakang inyong mapag-aalaman ang katotohanan nito, pagkaraan lamang ng panahon (na nagtagumpay ang Islam)."

وَلَتَعۡلَمُنَّ نَبَأَهُۥ بَعۡدَ حِينِۭ ٨٨

سُورَةُ الزُّمَرِ

Surah 39

Surat Az-Zumar
(Ang Mga Pangkat)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

تَنزِيلُ ٱلْكِتَٰبِ مِنَ ٱللَّهِ ٱلْعَزِيزِ ٱلْحَكِيمِ ﴿١﴾

1. Ang kapahayagan ng Aklat na ito (ang Qur'an) ay mula kay Allah, ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

إِنَّآ أَنزَلْنَآ إِلَيْكَ ٱلْكِتَٰبَ بِٱلْحَقِّ فَٱعْبُدِ ٱللَّهَ مُخْلِصًا لَّهُ ٱلدِّينَ ﴿٢﴾

2. Tunay ngang Kami ang nagpapanaog ng Aklat sa iyo (O Muhammad) sa katotohanan. Kaya't sambahin (lamang) si Allah (sa pamamagitan nang pagiging) matapat sa Kanya sa pananampalataya.

أَلَا لِلَّهِ ٱلدِّينُ ٱلْخَالِصُ ۚ وَٱلَّذِينَ ٱتَّخَذُوا۟ مِن دُونِهِۦٓ أَوْلِيَآءَ مَا نَعْبُدُهُمْ إِلَّا لِيُقَرِّبُونَآ إِلَى ٱللَّهِ زُلْفَىٰٓ إِنَّ ٱللَّهَ يَحْكُمُ بَيْنَهُمْ فِى مَا هُمْ فِيهِ يَخْتَلِفُونَ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهْدِى مَنْ هُوَ كَٰذِبٌ كَفَّارٌ ﴿٣﴾

3. Katiyakan, ang relihiyon (alalaong baga, ang pagsamba at pagsunod) ay tanging kay Allah lamang? At sila na tumatangkilik sa iba pang *Auliya* (mga tagapangalaga at tagapagtangkilik) bukod pa sa Kanya (ay nagsasabi): "Aming sinasamba lamang sila (mga diyus-diyosan) upang kami ay higit nilang mailapit kay Allah." Katotohanang si Allah ang hahatol sa pagitan nila sa mga bagay na hindi nila pinagkakasunduan. Katotohanang si Allah ay hindi namamatnubay sa kanya na isang sinungaling at walang pananampalataya.

لَّوْ أَرَادَ ٱللَّهُ أَن يَتَّخِذَ وَلَدًا لَّٱصْطَفَىٰ مِمَّا يَخْلُقُ مَا يَشَآءُ ۚ سُبْحَٰنَهُۥ ۖ هُوَ ٱللَّهُ ٱلْوَٰحِدُ ٱلْقَهَّارُ ﴿٤﴾

4. Kung ninais lamang ni Allah na magkaroon ng anak na lalaki, maaari Siyang pumili sa sinuman sa Kanyang mga nilikha na Kanyang maibigan. Luwalhatiin Siya! (Higit Siyang mataas sa mga ito). Siya si Allah, ang Tanging Isa, ang Hindi Mapapasubalian.

خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ بِٱلْحَقِّ ۖ يُكَوِّرُ ٱلَّيْلَ عَلَى ٱلنَّهَارِ وَيُكَوِّرُ ٱلنَّهَارَ عَلَى ٱلَّيْلِ ۖ وَسَخَّرَ ٱلشَّمْسَ وَٱلْقَمَرَ ۖ كُلٌّ يَجْرِى لِأَجَلٍ مُّسَمًّى ۗ أَلَا هُوَ ٱلْعَزِيزُ

5. Nilikha Niya ang kalangitan at kalupaan sa katotohanan. Kanyang ginawa na ang gabi ay bumalot sa maghapon, at ang maghapon ay bumalot sa gabi at ipinailalim Niya (sa Kanyang pag-uutos) ang araw at buwan; at ang bawat isa

ay tumatakbo (sa takdang daan) sa natataningang panahon. Katotohanang Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Lagi nang Nagpapatawad.

ٱلْغَفَّارُ ﴿٥﴾

6. Kayong lahat ay nilikha Niya mula sa iisang tao (Adan); at nilikha Niya ang kanyang kabiyak (Hawwa [Eba]). At ipinadala Niya sa inyo ang walong pares ng hayop (lalaki at babaeng tupa, kambing, baka, at kamelyo). Kanyang nilikha kayo sa sinapupunan ng inyong ina, sa magkakasunod na yugto ng paglikha, sa loob ng tatlong kadiliman (alalaong baga, - ang tiyan, ang sinapupunan, ang bahay-bata). Siya si Allah, ang inyong Panginoon; sa Kanya ang lahat ng Paghahari. *La ilaha ill Allah* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah). Paano kayo napalayo (sa inyong tunay na Panginoon)?

خَلَقَكُم مِّن نَّفْسٍ وَٰحِدَةٍ ثُمَّ جَعَلَ مِنْهَا زَوْجَهَا وَأَنزَلَ لَكُم مِّنَ ٱلْأَنْعَٰمِ ثَمَٰنِيَةَ أَزْوَٰجٍ يَخْلُقُكُمْ فِى بُطُونِ أُمَّهَٰتِكُمْ خَلْقًا مِّنۢ بَعْدِ خَلْقٍ فِى ظُلُمَٰتٍ ثَلَٰثٍ ذَٰلِكُمُ ٱللَّهُ رَبُّكُمْ لَهُ ٱلْمُلْكُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ فَأَنَّىٰ تُصْرَفُونَ ﴿٦﴾

7. Kung inyong itatakwil (si Allah), katotohanang si Allah ay hindi nangangailangan sa inyo; at hindi Niya naiibigan para sa Kanyang mga alipin ang kawalan (nila) ng pananampalataya. Kung kayo ay may loob ng pasasalamat (sa pamamagitan ng pananampalataya), Siya ay nalulugod sa inyo. Walang sinumang may dala ng pasanin (kasalanan) ang maaaring magdala ng pasanin (kasalanan) ng iba. Sa huli, sa inyong Panginoon ang inyong pagbabalik, at Kanyang ipagbibigay-alam sa inyo kung ano ang inyong ginawa (sa buhay na ito). Katotohanang ganap Niyang talastas ang lahat ng nasa puso (ng mga tao).

إِن تَكْفُرُوا۟ فَإِنَّ ٱللَّهَ غَنِىٌّ عَنكُمْ وَلَا يَرْضَىٰ لِعِبَادِهِ ٱلْكُفْرَ وَإِن تَشْكُرُوا۟ يَرْضَهُ لَكُمْ وَلَا تَزِرُ وَازِرَةٌ وِزْرَ أُخْرَىٰ ثُمَّ إِلَىٰ رَبِّكُم مَّرْجِعُكُمْ فَيُنَبِّئُكُم بِمَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ۚ إِنَّهُۥ عَلِيمٌۢ بِذَاتِ ٱلصُّدُورِ ﴿٧﴾

8. Kung ang ilang kahirapan ay dumatal sa tao, siya ay naninikluhod sa kanyang Panginoon, at bumabaling (lamang) sa Kanya sa pagsisisi; ngunit kung maigawad na Niya ang Kanyang paglingap sa kanya ay nakakalimutan na niya ang kanyang ipinanikluhod noong una, at siya ay nagtatambal ng iba pa (sa pagsamba) kay Allah upang iligaw ang iba sa Kanyang Tuwid na Landas. Ipagbadya: "Magpakaligaya ka sa iyong kawalan ng pananampalataya sa maigsing

۞ وَإِذَا مَسَّ ٱلْإِنسَٰنَ ضُرٌّ دَعَا رَبَّهُۥ مُنِيبًا إِلَيْهِ ثُمَّ إِذَا خَوَّلَهُۥ نِعْمَةً مِّنْهُ نَسِىَ مَا كَانَ يَدْعُوٓا۟ إِلَيْهِ مِن قَبْلُ وَجَعَلَ لِلَّهِ أَندَادًا لِّيُضِلَّ عَن سَبِيلِهِۦ ۚ قُلْ تَمَتَّعْ بِكُفْرِكَ قَلِيلًا ۖ إِنَّكَ مِنْ أَصْحَٰبِ ٱلنَّارِ ﴿٨﴾

sandali (lamang); katotohanang ikaw ay (isa) sa mga magsisipanahan sa Apoy!"

أَمَّنْ هُوَ قَٰنِتٌ ءَانَآءَ ٱلَّيْلِ سَاجِدًا وَقَآئِمًا يَحْذَرُ ٱلْءَاخِرَةَ وَيَرْجُوا۟ رَحْمَةَ رَبِّهِۦ ۗ قُلْ هَلْ يَسْتَوِى ٱلَّذِينَ يَعْلَمُونَ وَٱلَّذِينَ لَا يَعْلَمُونَ ۗ إِنَّمَا يَتَذَكَّرُ أُو۟لُوا۟ ٱلْأَلْبَٰبِ ﴿٩﴾

9. Siya kaya na matapat sa pagsamba kay Allah, na nagpapatirapa sa kanyang sarili o nakatindig (sa pagdarasal) sa mga oras ng gabi, na nangangamba sa Kabilang Buhay at umaasa sa Habag ng kanyang Panginoon (ay katulad ng isa na hindi nananampalataya)? Ipagbadya: "Sila kaya na may kaalaman ay katulad nila na walang kaalaman"? Katotohanan, sila lamang na mga tao na may pang-unawa ang tatanggap ng paala-ala (alalaong baga, ang makakakuha ng aral sa mga Tanda at Talata ni Allah).

قُلْ يَٰعِبَادِ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱتَّقُوا۟ رَبَّكُمْ ۚ لِلَّذِينَ أَحْسَنُوا۟ فِى هَٰذِهِ ٱلدُّنْيَا حَسَنَةٌ ۚ وَأَرْضُ ٱللَّهِ وَٰسِعَةٌ ۗ إِنَّمَا يُوَفَّى ٱلصَّٰبِرُونَ أَجْرَهُم بِغَيْرِ حِسَابٍ ﴿١٠﴾

10. Ipagbadya (O Muhammad): "O kayo na Aking (Allah) mga alipin na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), pangambahan ang inyong Panginoon (Allah) at panatilihin ang inyong tungkulin sa Kanya. Kabutihan (ang gantimpala) sa mga gumagawa ng kabutihan sa mundong ito, at ang kalupaan ni Allah ay malawak (kaya't kung kayo ay hindi makasamba kay Allah sa isang pook, kung gayon, ay lumipat sa iba)! Sila lamang na matitiyaga ang tatanggap nang ganap ng kanilang gantimpala ng walang pagbibilang (alalaong baga, walang hangganan)."

قُلْ إِنِّىٓ أُمِرْتُ أَنْ أَعْبُدَ ٱللَّهَ مُخْلِصًا لَّهُ ٱلدِّينَ ﴿١١﴾

11. Ipagbadya (O Muhammad): "Katotohanang ako ay pinag-utusan na sumamba lamang kay Allah (sa pamamagitan nang pagsunod sa Kanya at paggawa ng mga gawang pananampalataya ng may katapatan tungo sa Kanyang Kapakanan)."

وَأُمِرْتُ لِأَنْ أَكُونَ أَوَّلَ ٱلْمُسْلِمِينَ ﴿١٢﴾

12. At ako ay pinag-utusan na manguna sa mga nagsusuko ng kanilang sarili kay Allah (sa Islam) bilang mga Muslim.

قُلْ إِنِّىٓ أَخَافُ إِنْ عَصَيْتُ رَبِّى عَذَابَ يَوْمٍ عَظِيمٍ ﴿١٣﴾

13. Ipagbadya (O Muhammad): "Katotohanang ako ay nangangamba sa Kaparusahan ng Dakilang Araw kung ako ay susuway sa aking Panginoon."

قُلِ ٱللَّهَ أَعْبُدُ مُخْلِصًا لَّهُۥ دِينِى ﴿١٤﴾

14. Ipagbadya (O Muhammad): "Kay Allah lamang ako sumasamba nang tapat (at natatanging) debosyon;

فَٱعۡبُدُواْ مَا شِئۡتُم مِّن دُونِهِۦۗ قُلۡ إِنَّ ٱلۡخَٰسِرِينَ ٱلَّذِينَ خَسِرُوٓاْ أَنفُسَهُمۡ وَأَهۡلِيهِمۡ يَوۡمَ ٱلۡقِيَٰمَةِۗ أَلَا ذَٰلِكَ هُوَ ٱلۡخُسۡرَانُ ٱلۡمُبِينُ ﴿١٥﴾

15. "Sambahin ninyo kung sino ang nais ninyo maliban pa sa Kanya (Allah)." Ipagbadya (O Muhammad): "Katotohanan, ang mga talunan ay sila na nagpalungi sa kanilang sariling kaluluwa at sa kanilang pamilya sa Araw ng Muling Pagkabuhay." Katotohanan, ito ang malinaw na pagkatalo (pagkalugi)!

لَهُم مِّن فَوۡقِهِمۡ ظُلَلٞ مِّنَ ٱلنَّارِ وَمِن تَحۡتِهِمۡ ظُلَلٞۚ ذَٰلِكَ يُخَوِّفُ ٱللَّهُ بِهِۦ عِبَادَهُۥۚ يَٰعِبَادِ فَٱتَّقُونِ ﴿١٦﴾

16. Sila ay natatakpan ng Apoy sa kanilang itaas at nasasapnan ng Apoy sa kanilang ibaba; sa ganito ay binabalaan ni Allah ang Kanyang mga alipin: "O Aking mga alipin! Kung gayon, inyong pangambahan Ako!"

وَٱلَّذِينَ ٱجۡتَنَبُواْ ٱلطَّٰغُوتَ أَن يَعۡبُدُوهَا وَأَنَابُوٓاْ إِلَى ٱللَّهِ لَهُمُ ٱلۡبُشۡرَىٰۚ فَبَشِّرۡ عِبَادِ ﴿١٧﴾

17. At sa mga umiiwas sa pagsamba sa *Taghut* (mga huwad na diyus-diyosan), at bumabaling kay Allah sa pagsisisi; sasakanila ang magandang balita; kaya't (iyong) ipahayag ang magandang balita sa Aking mga alipin,

ٱلَّذِينَ يَسۡتَمِعُونَ ٱلۡقَوۡلَ فَيَتَّبِعُونَ أَحۡسَنَهُۥٓۚ أُوْلَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ هَدَىٰهُمُ ٱللَّهُۖ وَأُوْلَٰٓئِكَ هُمۡ أُوْلُواْ ٱلۡأَلۡبَٰبِ ﴿١٨﴾

18. Sila na nakikinig sa Salita (mabuting payo, *La ilaha ill Allah* [Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah]), at sumusunod sa pinakamainam dito (tulad ng pagsamba lamang kay Allah at pag-iwas sa *Taghut* [mga diyus-diyosan]); sila ang mga pinatnubayan ni Allah at sila ang (mga tao) na may pang-unawa.

أَفَمَنۡ حَقَّ عَلَيۡهِ كَلِمَةُ ٱلۡعَذَابِ أَفَأَنتَ تُنقِذُ مَن فِي ٱلنَّارِ ﴿١٩﴾

19. Siya kaya na marapat na magkamit ng Pag-uutos ng kaparusahan (ay marapat na patnubayan)? Kaya't ikaw ba (O Muhammad) ay makapagliligtas sa kanya na nasa Apoy?

لَٰكِنِ ٱلَّذِينَ ٱتَّقَوۡاْ رَبَّهُمۡ لَهُمۡ غُرَفٞ مِّن فَوۡقِهَا غُرَفٞ مَّبۡنِيَّةٞ تَجۡرِي مِن تَحۡتِهَا ٱلۡأَنۡهَٰرُۖ وَعۡدَ ٱللَّهِۖ لَا يُخۡلِفُ ٱللَّهُ ٱلۡمِيعَادَ ﴿٢٠﴾

20. Datapuwa't sila na may pangangamba sa kanilang Panginoon (Allah); (para) sa kanila ay itinayo ang matatayog na mansiyon na patong-patong, na sa ibaba nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (alalaong baga, ang Paraiso). Ito ang Pangako ni Allah, at si Allah kailanman ay hindi sumisira sa Kanyang Pangako.

أَلَمۡ تَرَ أَنَّ ٱللَّهَ أَنزَلَ مِنَ ٱلسَّمَآءِ مَآءٗ فَسَلَكَهُۥ يَنَٰبِيعَ فِي ٱلۡأَرۡضِ ثُمَّ يُخۡرِجُ بِهِۦ زَرۡعٗا مُّخۡتَلِفًا أَلۡوَٰنُهُۥ ثُمَّ يَهِيجُ فَتَرَىٰهُ مُصۡفَرّٗا ثُمَّ يَجۡعَلُهُۥ حُطَٰمًاۚ إِنَّ فِي ذَٰلِكَ لَذِكۡرَىٰ لِأُوْلِي

21. Hindi baga ninyo namamasdan na si Allah ang nagpapamalisbis ng tubig (ulan) mula sa alapaap at hinayaan Niya ito (ulan) na umagos bilang mga bukal (at mga ilog) sa kalupaan, at matapos ay nagpasibol Siya rito ng (maraming) pananim na may iba't ibang kulay; at

pagkatapos ito ay nalanta at nanilaw, at ginawa Niya na ito ay matuyot at malasog. Katotohanang nasa sa mga ito ang isang Paala-ala sa mga tao na may pang-unawa.

ٱلْأَلْبَٰبِ ﴿٢١﴾

22. Siya kaya na ang dibdib ay pinalawak ni Allah upang (tanggapin) ang Islam, at sa pamamagitan nito (siya ay napatnubayan) ng liwanag mula sa kanyang Panginoon (ay katulad niya na ang puso ay nagtatakwil dito)? Kaya't kasawian sa kanila na ang puso ay tumigas laban sa (kawalan) ng pag-aala-ala kay Allah! Sila ang nasa malinaw na kamalian!

أَفَمَن شَرَحَ ٱللَّهُ صَدْرَهُۥ لِلْإِسْلَٰمِ فَهُوَ عَلَىٰ نُورٍ مِّن رَّبِّهِۦ ۚ فَوَيْلٌ لِّلْقَٰسِيَةِ قُلُوبُهُم مِّن ذِكْرِ ٱللَّهِ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ فِى ضَلَٰلٍ مُّبِينٍ ﴿٢٢﴾

23. Si Allah ang nagpapapanaog sa pana-panahon ng pinakamagandang mensahe sa anyo ng isang Aklat, na ang mga bahagi nito (Qur'an) ay magkakawangki sa kabutihan at katotohanan, at malimit na binabanggit. Ang balat ng mga may pangangamba sa kanilang Panginoon ay nanginginig (kung ito [ang Qur'an] ay kanilang dinadalit o napapakinggan). At ang kanilang balat at kanilang puso ay lumalambot sa pag-aala-ala kay Allah. Ito ang patnubay ni Allah. Pinapatnubayan Niya sa pamamagitan nito ang sinumang Kanyang maibigan at sinumang hayaan ni Allah na mapaligaw, sa kanya ay walang makakapamatnubay.

ٱللَّهُ نَزَّلَ أَحْسَنَ ٱلْحَدِيثِ كِتَٰبًا مُّتَشَٰبِهًا مَّثَانِىَ تَقْشَعِرُّ مِنْهُ جُلُودُ ٱلَّذِينَ يَخْشَوْنَ رَبَّهُمْ ثُمَّ تَلِينُ جُلُودُهُمْ وَقُلُوبُهُمْ إِلَىٰ ذِكْرِ ٱللَّهِ ۚ ذَٰلِكَ هُدَى ٱللَّهِ يَهْدِى بِهِۦ مَن يَشَآءُ ۚ وَمَن يُضْلِلِ ٱللَّهُ فَمَا لَهُۥ مِنْ هَادٍ ﴿٢٣﴾

24. Siya kaya kung gayon, na ipananganggalang niya ang kanyang mukha (sa halip na ang kanyang mga kamay, dahil ang mga ito ay nakagapos sa kanyang leeg) sa pinakamatinding Kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay (ay katulad niya na napapangalagaan dito)? At sa *Zalimun* (mga mapaggawa ng kamalian at mapagsamba sa mga diyus-diyosan) ay ipagbabadya: "Lasapin ninyo (ang bunga) ng inyong kinita!"

أَفَمَن يَتَّقِى بِوَجْهِهِۦ سُوٓءَ ٱلْعَذَابِ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ ۚ وَقِيلَ لِلظَّٰلِمِينَ ذُوقُوا۟ مَا كُنتُمْ تَكْسِبُونَ ﴿٢٤﴾

25. Sila na mga nauna sa kanila ay nagpasinungaling (sa kapahayagan), kaya't ang kaparusahan ay dumatal sa kanila mula (sa lugar) na hindi nila inaasahan.

كَذَّبَ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ فَأَتَىٰهُمُ ٱلْعَذَابُ مِنْ حَيْثُ لَا يَشْعُرُونَ ﴿٢٥﴾

26. Kaya't ginawaran sila ni Allah na lasapin ang pagkaaba sa pangkasalukuyang buhay, datapuwa't higit na matindi ang Kaparusahan sa

فَأَذَاقَهُمُ ٱللَّهُ ٱلْخِزْىَ فِى ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا ۖ وَلَعَذَابُ ٱلْءَاخِرَةِ أَكْبَرُ ۚ لَوْ كَانُوا۟ يَعْلَمُونَ ﴿٢٦﴾

Kabilang Buhay, kung kanila lamang nalalaman!

وَلَقَدْ ضَرَبْنَا لِلنَّاسِ فِي هَٰذَا الْقُرْآنِ مِن كُلِّ مَثَلٍ لَّعَلَّهُمْ يَتَذَكَّرُونَ ﴿٢٧﴾

27. At katotohanang Aming inihantad sa mga tao sa Qur'an na ito ang lahat ng uri ng paghahambing (talinghaga o paliwanag) upang sila ay makatanggap ng paala-ala.

قُرْآنًا عَرَبِيًّا غَيْرَ ذِي عِوَجٍ لَّعَلَّهُمْ يَتَّقُونَ ﴿٢٨﴾

28. Isang (Aklat na) Qur'an sa (wikang) Arabik na walang anumang kalihisan (sa katotohanan), upang kanilang maiwasan ang lahat ng kasamaan na ipinag-utos ni Allah na kanilang talikdan.

ضَرَبَ اللَّهُ مَثَلًا رَّجُلًا فِيهِ شُرَكَاءُ مُتَشَاكِسُونَ وَرَجُلًا سَلَمًا لِّرَجُلٍ هَلْ يَسْتَوِيَانِ مَثَلًا ۚ الْحَمْدُ لِلَّهِ ۚ بَلْ أَكْثَرُهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٢٩﴾

29. Si Allah ay nagtatanghal ng isang halimbawa (paghahambing) -: ang isang (aliping) tao na pag-aari ng mga nag-aaway-away na magkakatambal (magkakasosyo) at isang (aliping) tao na tanging nabibilang sa iisang tao; sila baga ay magkatulad kung paghahambingin? Ang lahat ng mga pagluwalhati at pasasalamat ay kay Allah! Datapuwa't ang karamihan sa kanila ay walang kaalaman.

إِنَّكَ مَيِّتٌ وَإِنَّهُم مَّيِّتُونَ ﴿٣٠﴾

30. Katotohanang ikaw (O Muhammad) ay mamamatay at katotohanang sila rin ay mamamatay,

ثُمَّ إِنَّكُمْ يَوْمَ الْقِيَامَةِ عِندَ رَبِّكُمْ تَخْتَصِمُونَ ﴿٣١﴾

31. At sa Araw ng Muling Pagkabuhay, kayo ay magsisipagtalu-talo sa harapan ng inyong Panginoon.

۞ فَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّن كَذَبَ عَلَى اللَّهِ وَكَذَّبَ بِالصِّدْقِ إِذْ جَاءَهُ ۚ أَلَيْسَ فِي جَهَنَّمَ مَثْوًى لِّلْكَافِرِينَ ﴿٣٢﴾

32. Kung gayon, sino pa kaya ang higit na di-makatarungan kaysa sa kanya (na umuusal) ng kasinungalingan tungkol kay Allah, at nagtatakwil sa Katotohanan (ang Qur'an) nang ito ay makarating sa kanya! Hindi baga nasa Impiyerno ang tirahan (hantungan) ng mga walang pananampalataya?

وَالَّذِي جَاءَ بِالصِّدْقِ وَصَدَّقَ بِهِ ۙ أُولَٰئِكَ هُمُ الْمُتَّقُونَ ﴿٣٣﴾

33. At siya (Muhammad) na nagdala ng Katotohanan (ang Qur'an) at (sila na) nagsisampalataya rito, sila yaong *Muttaqun* (mga banal, matimtimang tao na gumagawa ng katuwiran at kabutihan).

لَهُم مَّا يَشَاءُونَ عِندَ رَبِّهِمْ ۚ ذَٰلِكَ جَزَاءُ الْمُحْسِنِينَ ﴿٣٤﴾

34. Sasakanila ang lahat ng kanilang naisin sa kanilang Panginoon; ito ang gantimpala ng *Muhsinun* (mga gumagawa ng kabutihan tungo

sa Kapakanan ni Allah at ayon sa *Sunna* [pamamaraan at pagtuturo] ni Propeta Muhammad).

35. Upang si Allah ay magpatawad sa kanila sa kasamaan na kanilang ginawa at upang sila ay mabigyan Niya ng gantimpala ayon sa pinakamainam na kanilang nagawa.

لِيُكَفِّرَ ٱللَّهُ عَنْهُمْ أَسْوَأَ ٱلَّذِى عَمِلُوا۟ وَيَجْزِيَهُمْ أَجْرَهُم بِأَحْسَنِ ٱلَّذِى كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿٣٥﴾

36. Hindi baga si Allah ay Sapat na para sa Kanyang alipin? At sila ay nagtangka na takutin kayo sa pamamagitan ng (mga diyus-diyosan na kanilang sinasamba) maliban pa sa Kanya! At sinumang pabayaan ni Allah na maligaw, sa kanya ay walang makakapamatnubay.

أَلَيْسَ ٱللَّهُ بِكَافٍ عَبْدَهُۥ ۖ وَيُخَوِّفُونَكَ بِٱلَّذِينَ مِن دُونِهِۦ ۚ وَمَن يُضْلِلِ ٱللَّهُ فَمَا لَهُۥ مِنْ هَادٍ ﴿٣٦﴾

37. At sinumang patnubayan ni Allah, walang sinuman ang makapagliligaw sa kanya. Hindi baga si Allah ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Panginoon ng Kagantihan (sa kasamaan)?

وَمَن يَهْدِ ٱللَّهُ فَمَا لَهُۥ مِن مُّضِلٍّ ۗ أَلَيْسَ ٱللَّهُ بِعَزِيزٍ ذِى ٱنتِقَامٍ ﴿٣٧﴾

38. At katotohanan, kung sila ay inyong tatanungin kung sino ang lumikha ng kalangitan at kalupaan, walang pagsala na kanilang sasabihin: "Si Allah (ang lumikha sa kanila)." Ipagbadya: "Kung gayon, hindi ba ninyo isinasaalang-alang (ang mga bagay) na inyong tinatawagan maliban pa kay Allah; kung si Allah ay magnais (na magbigay) sa akin ng ilang kapinsalaan, sila ba (na mga diyus-diyosan) ay makapag-aalis ng Kanyang pinsala; at kung si Allah ay magnais (na magkaloob) ng ilang habag sa akin, sila ba (na mga diyus-diyosan) ay makapipigil sa Kanyang Habag?" Ipagbadya: "Sapat na sa akin si Allah! Ang mga nagtitiwala sa Kanya (alalaong baga, ang mga sumasampalataya) ay nararapat na magbigay (sa Kanya) ng kanilang pagtitiwala."

وَلَئِن سَأَلْتَهُم مَّنْ خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ لَيَقُولُنَّ ٱللَّهُ ۚ قُلْ أَفَرَءَيْتُم مَّا تَدْعُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ إِنْ أَرَادَنِىَ ٱللَّهُ بِضُرٍّ هَلْ هُنَّ كَٰشِفَٰتُ ضُرِّهِۦٓ أَوْ أَرَادَنِى بِرَحْمَةٍ هَلْ هُنَّ مُمْسِكَٰتُ رَحْمَتِهِۦ ۚ قُلْ حَسْبِىَ ٱللَّهُ ۖ عَلَيْهِ يَتَوَكَّلُ ٱلْمُتَوَكِّلُونَ ﴿٣٨﴾

39. Ipagbadya (O Muhammad): "O aking pamayanan! Gawin ninyo kung ano ang paraan ninyo, at gagawin ko rin ang ayon sa akin. Hindi maglalaon at inyong mapag-aalaman,

قُلْ يَٰقَوْمِ ٱعْمَلُوا۟ عَلَىٰ مَكَانَتِكُمْ إِنِّى عَٰمِلٌ ۖ فَسَوْفَ تَعْلَمُونَ ﴿٣٩﴾

40. Kung kanino daratal ang kahiya-hiyang kaparusahan at kung kanino papanaog ang walang hanggang kaparusahan."

مَن يَأْتِيهِ عَذَابٌ يُخْزِيهِ وَيَحِلُّ عَلَيْهِ عَذَابٌ مُّقِيمٌ ﴿٤٠﴾

41. Katiyakang Aming ipinanaog sa iyo (O

إِنَّآ أَنزَلْنَا عَلَيْكَ ٱلْكِتَٰبَ لِلنَّاسِ بِٱلْحَقِّ

Muhammad) ang Aklat (ang Qur'an) sa Katotohanan upang (mapatnubayan) ang sangkatauhan. Siya na napatnubayan ay nagbibigay-kapakinabangan sa kanyang sarili (kaluluwa); datapuwa't siya na naliligaw ay nagbibigay-kapinsalaan sa kanyang sarili (kaluluwa). At ikaw (O Muhammad) ay hindi isang Katiwala (Tagapag-ayos ng mga pangyayari, o Tagapagmasid at Tagapamahala) sa kanila.

فَمَنِ ٱهْتَدَىٰ فَلِنَفْسِهِۦ ۖ وَمَن ضَلَّ فَإِنَّمَا يَضِلُّ عَلَيْهَا ۖ وَمَآ أَنتَ عَلَيْهِم بِوَكِيلٍ ﴿٤١﴾

42. Si Allah ang kumukuha ng kaluluwa (ng mga tao) sa sandali ng kanilang kamatayan, gayundin (sa kaluluwa ng mga tao) na hindi namatay sa sandali ng kanilang pagtulog. Hinahawakan Niya ang (kaluluwa) ng mga tao na ang kamatayan ay naitakda na (upang hindi na makabalik muli sa makamundong buhay, alalaong baga, sa kanyang nahihimlay na katawan), at ibinabalik Niyang muli (ang ibang kaluluwa sa kanilang katawan, alalaong baga, sa mga hindi pa nakatakdang mamatay) sa natataningan na panahon. Katotohanang naririto ang mga Tanda sa mga tao na matiim na nagmumuni-muni.

ٱللَّهُ يَتَوَفَّى ٱلْأَنفُسَ حِينَ مَوْتِهَا وَٱلَّتِى لَمْ تَمُتْ فِى مَنَامِهَا ۖ فَيُمْسِكُ ٱلَّتِى قَضَىٰ عَلَيْهَا ٱلْمَوْتَ وَيُرْسِلُ ٱلْأُخْرَىٰٓ إِلَىٰٓ أَجَلٍ مُّسَمًّى ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَٰتٍ لِّقَوْمٍ يَتَفَكَّرُونَ ﴿٤٢﴾

43. Ano? Kumuha ba sila ng iba pa maliban kay Allah bilang mga tagapamagitan (na kanilang tinatawagan)? Ipagbadya: "Kahit na sila ay hindi nagtataglay (ng kapangyarihan) sa anupaman, gayundin, sila ay walang katwiran?"

أَمِ ٱتَّخَذُوا۟ مِن دُونِ ٱللَّهِ شُفَعَآءَ ۚ قُلْ أَوَلَوْ كَانُوا۟ لَا يَمْلِكُونَ شَيْـًٔا وَلَا يَعْقِلُونَ ﴿٤٣﴾

44. Ipagbadya: "Kay Allah lamang ang pag-aangkin ng lahat ng *Shafa'ah* (pamamagitan). Sa Kanya ang pagmamay-ari ng lahat ng kapamahalaan sa kalangitan at kalupaan. Sa katapusan, sa Kanya kayong lahat ay muling ibabalik."

قُل لِّلَّهِ ٱلشَّفَٰعَةُ جَمِيعًا ۖ لَّهُۥ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ ثُمَّ إِلَيْهِ تُرْجَعُونَ ﴿٤٤﴾

45. At kung (ang mga Pangalan) ni Allah ang nababanggit lamang, ang puso ng mga hindi nananampalataya sa Kabilang buhay ay napupuno ng pagkayamot (sa Kaisahan ni Allah); datapuwa't kung (ang ibang mga diyus-diyosan na sinasamba nila katulad ni Hesus na anak ni Maria, Ezra, anghel, santo o santa, imahen, *Jinn*, pari, krus, atbp.) maliban pa sa

وَإِذَا ذُكِرَ ٱللَّهُ وَحْدَهُ ٱشْمَأَزَّتْ قُلُوبُ ٱلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ بِٱلْءَاخِرَةِ ۖ وَإِذَا ذُكِرَ ٱلَّذِينَ مِن دُونِهِۦٓ إِذَا هُمْ يَسْتَبْشِرُونَ ﴿٤٥﴾

Kanya ay nababanggit, pagmasdan, sila ay napupuspos ng kagalakan!

قُلِ ٱللَّهُمَّ فَاطِرَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ عَٰلِمَ ٱلْغَيْبِ وَٱلشَّهَٰدَةِ أَنتَ تَحْكُمُ بَيْنَ عِبَادِكَ فِى مَا كَانُوا۟ فِيهِ يَخْتَلِفُونَ ﴿٤٦﴾

46. Ipagbadya (O Muhammad): "O Allah! Ang Tagapaglikha ng kalangitan at kalupaan! Ang Ganap na Nakababatid ng lahat ng *Ghaib* (mga nakalingid tulad ng kaluluwa, Impiyerno, Paraiso, atbp.) at nakalantad. Kayo (Allah) lamang ang makapaghuhusga sa lipon ng Inyong mga alipin sa mga bagay na hindi nila pinagkasunduan."

وَلَوْ أَنَّ لِلَّذِينَ ظَلَمُوا۟ مَا فِى ٱلْأَرْضِ جَمِيعًا وَمِثْلَهُۥ مَعَهُۥ لَٱفْتَدَوْا۟ بِهِۦ مِن سُوٓءِ ٱلْعَذَابِ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ ۚ وَبَدَا لَهُم مِّنَ ٱللَّهِ مَا لَمْ يَكُونُوا۟ يَحْتَسِبُونَ ﴿٤٧﴾

47. At kung sila na mga nagsigawa ng kamalian (mga sumasamba sa diyus-diyosan at walang pananalig sa Kaisahan ni Allah) ay mayroon ng lahat ng nasa kalupaan at ng katumbas (na dami) nito; katotohanang (sila ay magtatangka) na ialay ang mga ito upang ipangtubos sa kanilang sarili sa masamang kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay; at sa kanila ay matatambad na galing kay Allah ang mga bagay na hindi nila binigyang-pansin (alalaong baga, ang Kanyang poot at kaparusahan)!

وَبَدَا لَهُمْ سَيِّـَٔاتُ مَا كَسَبُوا۟ وَحَاقَ بِهِم مَّا كَانُوا۟ بِهِۦ يَسْتَهْزِءُونَ ﴿٤٨﴾

48. At ang kasamaan ng kanilang mga gawa ay tatambad sa kanila, at sila ay ganap na mapapalibutan ng mga bagay na noon ay tinutuya nila!

فَإِذَا مَسَّ ٱلْإِنسَٰنَ ضُرٌّ دَعَانَا ثُمَّ إِذَا خَوَّلْنَٰهُ نِعْمَةً مِّنَّا قَالَ إِنَّمَآ أُوتِيتُهُۥ عَلَىٰ عِلْمٍۭ ۚ بَلْ هِىَ فِتْنَةٌ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٤٩﴾

49. At kung ang kapinsalaan ay dumapo sa tao, siya ay naninikluhod sa Amin; datapuwa't kung maigawad na Namin ang biyaya (mailigtas siya sa gayong kapinsalaan) mula sa Amin, siya ay nagsasabi: "Ito ay aking nakamtan dahilan sa tiyak na karunungan (na aking angkin)! Hindi, ito ay isa lamang pagsubok, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi nakakaunawa!

قَدْ قَالَهَا ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ فَمَآ أَغْنَىٰ عَنْهُم مَّا كَانُوا۟ يَكْسِبُونَ ﴿٥٠﴾

50. Katotohanan! Ang mga nauna sa kanila ay nagsasabi rin ng ganito. Datapuwa't ang lahat ng kanilang ginawa ay walang kapakinabangan sa kanila.

فَأَصَابَهُمْ سَيِّـَٔاتُ مَا كَسَبُوا۟ ۚ وَٱلَّذِينَ ظَلَمُوا۟ مِنْ هَٰٓؤُلَآءِ سَيُصِيبُهُمْ سَيِّـَٔاتُ مَا كَسَبُوا۟ وَمَا هُم بِمُعْجِزِينَ ﴿٥١﴾

51. Kaya't ang bunga ng kanilang masamang gawa ay sumakmal sa kanila. At ang mapaggawa ng kamalian (sa mga tao, na sa kanila, ikaw O Muhammad ay isinugo), ang masamang bunga ng kanilang gawa ay sasakmal din sa kanila, at sila ay hindi makakatakas!

أَوَلَمْ يَعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ يَبْسُطُ ٱلرِّزْقَ لِمَن يَشَآءُ وَيَقْدِرُ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَـَٔايَٰتٍ لِّقَوْمٍ يُؤْمِنُونَ ﴿٥٢﴾

52. Hindi baga nila nababatid na si Allah ang naglalawit ng kabuhayan (o ikabubuhay) sa sinumang Kanyang maibigan at nagkakait (nito sa sinumang Kanyang naisin)? Katotohanan! Naririto ang mga Tanda sa mga tao na may pananampalataya!

قُلْ يَٰعِبَادِىَ ٱلَّذِينَ أَسْرَفُوا۟ عَلَىٰٓ أَنفُسِهِمْ لَا تَقْنَطُوا۟ مِن رَّحْمَةِ ٱللَّهِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ يَغْفِرُ ٱلذُّنُوبَ جَمِيعًا ۚ إِنَّهُۥ هُوَ ٱلْغَفُورُ ٱلرَّحِيمُ ﴿٥٣﴾

53. Ipagbadya: "O Aking mga alipin na nagkasala laban sa kanilang sarili (sa pamamagitan nang paggawa nang masasamang asal at kasalanan)! Huwag kayong mawalan ng pag-asa sa Habag ni Allah; sapagkat katotohanang si Allah ay nagpapatawad ng lahat ng kasalanan. Katotohanang Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَأَنِيبُوٓا۟ إِلَىٰ رَبِّكُمْ وَأَسْلِمُوا۟ لَهُۥ مِن قَبْلِ أَن يَأْتِيَكُمُ ٱلْعَذَابُ ثُمَّ لَا تُنصَرُونَ ﴿٥٤﴾

54. At magsibaling kayo sa inyong Panginoon (sa pagtitika) at isuko (ninyo ang inyong sarili) sa Kanya, bago dumatal sa inyo ang pagpaparusa. Matapos ito, kayo ay hindi na matutulungan.

وَٱتَّبِعُوٓا۟ أَحْسَنَ مَآ أُنزِلَ إِلَيْكُم مِّن رَّبِّكُم مِّن قَبْلِ أَن يَأْتِيَكُمُ ٱلْعَذَابُ بَغْتَةً وَأَنتُمْ لَا تَشْعُرُونَ ﴿٥٥﴾

55. At sundin ang Pinakamainam na ipinahayag sa inyo mula sa inyong Panginoon (ang Qur'an), bago ang Kaparusahan ay sumapit sa inyo nang walang kaabug-abog, sa panahon na hindi ninyo napag-aakala!

أَن تَقُولَ نَفْسٌ يَٰحَسْرَتَىٰ عَلَىٰ مَا فَرَّطتُ فِى جَنۢبِ ٱللَّهِ وَإِن كُنتُ لَمِنَ ٱلسَّٰخِرِينَ ﴿٥٦﴾

56. Na ang isang tao (na makasalanan) ay makapagsasabi (sa oras na yaon): "Ah! Kasawian sa akin! Aking napabayaan (ang aking tungkulin) kay Allah, at ako ay isa lamang sa bunton ng mga nanunuya (sa katotohanan)!

أَوْ تَقُولَ لَوْ أَنَّ ٱللَّهَ هَدَىٰنِى لَكُنتُ مِنَ ٱلْمُتَّقِينَ ﴿٥٧﴾

57. O siya (na taong nagkasala) ay makapagsabi: "Kung si Allah ay namatnubay lamang sa akin, walang pagsala, disin sana ako ay napabilang sa *Muttaqun* (mga matutuwid at mababuting tao na nangangamba nang labis kay Allah at umiiiwas sa lahat ng mga kasalanan at nagmamahal sa Kanya nang higit at nagsasagawa ng lahat Niyang ipinag-uutos)!"

أَوْ تَقُولَ حِينَ تَرَى ٱلْعَذَابَ لَوْ أَنَّ لِى كَرَّةً فَأَكُونَ مِنَ ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿٥٨﴾

58. O (di kaya) siya ay makapagsabi, kung kanyang (lantad) na mamasdan ang Kaparusahan: "Kung mayroon lamang sana ako na isa pang pagkakataon (upang makabalik sa mundo), kung gayon, walang pagsala na ako ay

mapapabilang sa *Muhsinun* (mga gumagawa ng katuwiran at kabutihan)!"

بَلَىٰ قَدْ جَآءَتْكَ ءَايَٰتِى فَكَذَّبْتَ بِهَا وَٱسْتَكْبَرْتَ وَكُنتَ مِنَ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٥٩﴾

59. (Ang kasagutan ay ito): "Tunay nga! Katotohanang dumatal sa iyo ang Aking *Ayat* (mga tanda, aral, katibayan, kapahayagan) at iyong itinakwil ang mga ito; at kayo ay mga palalo at napabilang sa mga nagtatatwa ng pananampalataya!"

وَيَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ تَرَى ٱلَّذِينَ كَذَبُوا۟ عَلَى ٱللَّهِ وُجُوهُهُم مُّسْوَدَّةٌ ۚ أَلَيْسَ فِى جَهَنَّمَ مَثْوًى لِّلْمُتَكَبِّرِينَ ﴿٦٠﴾

60. At sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay iyong mapagmamasdan sila na nagsasabi ng kasinungalingan laban kay Allah (alalaong baga, nag-akibat sa Kanya ng mga anak, katambal), na ang kanilang mukha ay nangingitim. Hindi baga ang Impiyerno ang tirahan ng mga palalo?

وَيُنَجِّى ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ ٱتَّقَوْا۟ بِمَفَازَتِهِمْ لَا يَمَسُّهُمُ ٱلسُّوٓءُ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ﴿٦١﴾

61. At si Allah ang maghahantong sa *Muttaqun* (mga matutuwid at mabubuting tao na labis na nagmamahal at nangangamba kay Allah) sa kanilang mga lugar ng tagumpay (Paraiso). Walang anumang kasamaan ang darapo sa kanila, gayundin, sila ay hindi malulumbay.

ٱللَّهُ خَٰلِقُ كُلِّ شَىْءٍ ۖ وَهُوَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ وَكِيلٌ ﴿٦٢﴾

62. Si Allah ang Manlilikha ng lahat ng bagay, at Siya ang *Wakil* (Katiwala, Tagapangalaga at Tagapagpatupad) ng mga pangyayari sa lahat ng bagay.

لَّهُۥ مَقَالِيدُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۗ وَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ أُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْخَٰسِرُونَ ﴿٦٣﴾

63. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng mga susi ng kalangitan at kalupaan. At sila na nagtatakwil sa *Ayat* (mga tanda, aral, katibayan, kapahayagan) ni Allah, sila yaong magiging talunan.

قُلْ أَفَغَيْرَ ٱللَّهِ تَأْمُرُوٓنِّىٓ أَعْبُدُ أَيُّهَا ٱلْجَٰهِلُونَ ﴿٦٤﴾

64. Ipagbadya (O Muhammad sa mga sumasamba sa diyus-diyosan): "Ako ba ay inuutusan ninyo na sumamba sa iba maliban pa kay Allah? O kayo na mga walang kaalaman (mga hangal)!"

وَلَقَدْ أُوحِىَ إِلَيْكَ وَإِلَى ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِكَ لَئِنْ أَشْرَكْتَ لَيَحْبَطَنَّ عَمَلُكَ وَلَتَكُونَنَّ مِنَ ٱلْخَٰسِرِينَ ﴿٦٥﴾

65. At katiyakang ito ay inihayag sa iyo (O Muhammad), na katulad din nang pagkapahayag (sa mga Sugo ni Allah) na una pa sa iyo: "Kung ikaw ay magtatambal (ng iba pang diyus-diyosan kay Allah), katotohanang walang magiging saysay ang iyong mga gawa (sa buhay na ito), at walang pagsala na ikaw ay kasama sa mga talunan (mapapariwara)."

بَلِ ٱللَّهَ فَٱعْبُدْ وَكُن مِّنَ ٱلشَّٰكِرِينَ ﴿٦٦﴾

66. Datapuwa't iyong sambahin (lamang) si Allah, at upang ikaw ay mapabilang sa mga nagbibigay ng pasasalamat.

وَمَا قَدَرُوا۟ ٱللَّهَ حَقَّ قَدْرِهِۦ وَٱلْأَرْضُ جَمِيعًا قَبْضَتُهُۥ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ وَٱلسَّمَٰوَٰتُ مَطْوِيَّٰتٌۢ بِيَمِينِهِۦ ۚ سُبْحَٰنَهُۥ وَتَعَٰلَىٰ عَمَّا يُشْرِكُونَ ﴿٦٧﴾

67. Hindi sila nagbigay ng makatuwirang pagtuturing kay Allah na nalalaan sa Kanya. Sa Araw ng Muling Pagkabuhay, ang buong kalupaan ay isang dakot lamang ng Kanyang Kamay, at ang kalangitan ay gugulong sa Kanyang kanang Kamay. Luwalhatiin Siya! Higit Siyang mataas sa lahat ng mga itinatambal nila sa Kanya!

وَنُفِخَ فِى ٱلصُّورِ فَصَعِقَ مَن فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَن فِى ٱلْأَرْضِ إِلَّا مَن شَآءَ ٱللَّهُ ۖ ثُمَّ نُفِخَ فِيهِ أُخْرَىٰ فَإِذَا هُمْ قِيَامٌ يَنظُرُونَ ﴿٦٨﴾

68. At ang Tambuli ay hihipan, at ang lahat ng nasa kalangitan at kalupaan ay hihimatayin, maliban sa kanya na maibigan ni Allah. At matapos, ito ay hihipan sa pangalawang pagkakataon, at pagmasdan, sila ay magsisitindig at magsisitanaw (sa paghihintay)!

وَأَشْرَقَتِ ٱلْأَرْضُ بِنُورِ رَبِّهَا وَوُضِعَ ٱلْكِتَٰبُ وَجِا۟ىٓءَ بِٱلنَّبِيِّۦنَ وَٱلشُّهَدَآءِ وَقُضِىَ بَيْنَهُم بِٱلْحَقِّ وَهُمْ لَا يُظْلَمُونَ ﴿٦٩﴾

69. At ang kalupaan ay magluluningning sa pamamagitan ng liwanag ng kanyang Panginoon (si Allah, sa Kanyang pagparito upang hatulan ang sangkatauhan). Ang Talaan (ng mga gawa) ay ipapatong nang nakabukas. Ang mga propeta at mga saksi ay itatanghal sa harapan at ang makatarungang pagpapasya ay ipagbabadya sa kanila; at sila ay hindi malalapatan ng kahit na anumang katiting na kamalian (kawalang-katarungan).

وَوُفِّيَتْ كُلُّ نَفْسٍ مَّا عَمِلَتْ وَهُوَ أَعْلَمُ بِمَا يَفْعَلُونَ ﴿٧٠﴾

70. At ang bawat tao (kaluluwa) ay babayaran nang ganap (sa naging bunga) ng kanyang mga gawa; at Siya (Allah) ang Ganap na Nakakaalam ng lahat nilang ginagawa.

وَسِيقَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ إِلَىٰ جَهَنَّمَ زُمَرًا ۖ حَتَّىٰٓ إِذَا جَآءُوهَا فُتِحَتْ أَبْوَٰبُهَا وَقَالَ لَهُمْ خَزَنَتُهَآ أَلَمْ يَأْتِكُمْ رُسُلٌ مِّنكُمْ يَتْلُونَ عَلَيْكُمْ ءَايَٰتِ رَبِّكُمْ وَيُنذِرُونَكُمْ لِقَآءَ يَوْمِكُمْ هَٰذَا ۚ قَالُوا۟ بَلَىٰ وَلَٰكِنْ حَقَّتْ كَلِمَةُ ٱلْعَذَابِ عَلَى ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٧١﴾

71. Ang mga hindi sumasampalataya ay itataboy sa Impiyerno sa mga pangkat, hanggang nang kanilang marating ito, ang mga tarangkahan nito ay biglang bubukas (na katulad ng isang bilangguan sa pagdating ng mga bilanggo), at ang mga tagapagbantay nito ay magsasabi: "Hindi baga dumatal sa inyo ang mga Sugo na mula sa lipon ninyo na dumadalit sa inyo ng mga Talata ng inyong Panginoon at nagbababala sa inyo ng inyong pakikipagtipan sa Araw na ito? Sila ay magsasabi: "Tunay nga,

datapuwa't ang salita ng Kaparusahan ay ginawang makatarungan laban sa mga walang pananampalataya!"

قِيلَ ٱدْخُلُوٓا۟ أَبْوَٰبَ جَهَنَّمَ خَٰلِدِينَ فِيهَا ۖ فَبِئْسَ مَثْوَى ٱلْمُتَكَبِّرِينَ ﴿٧٢﴾

72. Sa kanila ay ipagbabadya: "Magsipasok kayo sa mga tarangkahan ng Impiyerno upang mamalagi rito magpakailanman. At kahabag-habag ang tahanan ng mga mapagpalalo!"

وَسِيقَ ٱلَّذِينَ ٱتَّقَوْا۟ رَبَّهُمْ إِلَى ٱلْجَنَّةِ زُمَرًا ۖ حَتَّىٰٓ إِذَا جَآءُوهَا وَفُتِحَتْ أَبْوَٰبُهَا وَقَالَ لَهُمْ خَزَنَتُهَا سَلَٰمٌ عَلَيْكُمْ طِبْتُمْ فَٱدْخُلُوهَا خَٰلِدِينَ ﴿٧٣﴾

73. At sila na may pagkatakot sa kanilang Panginoon ay aakayin sa Halamanan (Paraiso) sa mga pangkat, hanggang nang kanilang sapitin at mamasdan ito, ang kanyang mga tarangkahan ay ibubukas (bago ang kanilang pagpasok sa pagtanggap sa kanila), at ang tagapagbantay nito ay mangungusap: "*Salamun Alaikum* (Ang kapayapaan ay sumainyo)! Kayo ay naging dalisay na; kaya't pasukin ninyo ito upang kayo ay manahan dito nang walang hanggan, (at sila ay magsisipasok)."

وَقَالُوا۟ ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ ٱلَّذِى صَدَقَنَا وَعْدَهُۥ وَأَوْرَثَنَا ٱلْأَرْضَ نَتَبَوَّأُ مِنَ ٱلْجَنَّةِ حَيْثُ نَشَآءُ ۖ فَنِعْمَ أَجْرُ ٱلْعَٰمِلِينَ ﴿٧٤﴾

74. At sila ay mangungusap: "Ang lahat ng pagluwalhati at pasasalamat ay kay Allah, na katotohanang tumupad sa Kanyang pangako sa amin at naggawad sa amin ng lupang ito bilang pamana. Kami ay makakapanirahan sa Paraiso saan man namin naisin. At napakagaling ng gantimpala ng mga (matutuwid) na nagpupunyagi (nagsusumikap)!"

وَتَرَى ٱلْمَلَٰٓئِكَةَ حَآفِّينَ مِنْ حَوْلِ ٱلْعَرْشِ يُسَبِّحُونَ بِحَمْدِ رَبِّهِمْ ۚ وَقُضِىَ بَيْنَهُم بِٱلْحَقِّ وَقِيلَ ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٧٥﴾

75. At iyong mapagmamalas ang mga anghel na nakapalibot sa *'Arsh* (Luklukan ni Allah) sa lahat ng paligid na humihimig ng pagluwalhati at pagpupuri sa kanilang Panginoon (Allah). At sa pagitan nila ay ihahatol ang katotohanan at dito ay ipagbabadya: "Ang (lahat) ng pagpupuri ay kay Allah, ang Panginoon ng *A'alamin* (lahat ng mga nilalang)"!

Surah 40

Surat Ghafir o Al-Mu'min
(Ang Nagpapatawad o Ang Sumasampalataya)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ha, Mim. (Mga titik Ha, Ma. Ito ay isa sa mga milagro ng Qur'an at tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

حمٓ ﴿١﴾

2. Ang kapahayagan ng Aklat na ito (Qur'an) ay mula kay Allah, ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Pinakamaalam,

تَنزِيلُ ٱلْكِتَٰبِ مِنَ ٱللَّهِ ٱلْعَزِيزِ ٱلْعَلِيمِ ﴿٢﴾

3. Na nagpapatawad ng kasalanan, ang tumatanggap ng pagsisisi, ang mahigpit sa kaparusahan, ang ganap na mapagkaloob. *La ilaha illa Huwa* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), sa Kanya ang Huling Hantungan.

غَافِرِ ٱلذَّنۢبِ وَقَابِلِ ٱلتَّوْبِ شَدِيدِ ٱلْعِقَابِ ذِى ٱلطَّوْلِ ۖ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ۖ إِلَيْهِ ٱلْمَصِيرُ ﴿٣﴾

4. Walang sinuman ang makapagpapasubali (sa pagtatalo) sa *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda) ni Allah maliban sa mga hindi sumasampalataya. Kaya't huwag hayaan ang kanilang paglilibot sa kalupaan (sa kanilang mga minimithi) ay makadaya sa iyo (O Muhammad, ang kanilang pangwakas na hantungan ay Apoy ng Impiyerno)!

مَا يُجَٰدِلُ فِىٓ ءَايَٰتِ ٱللَّهِ إِلَّا ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ فَلَا يَغْرُرْكَ تَقَلُّبُهُمْ فِى ٱلْبِلَٰدِ ﴿٤﴾

5. Ang pamayanan ni Noah at ang magkakapangkat na sumunod sa kanila ay nagtatwa sa (kanilang mga Sugo) bago pa sa kanila at ang bawat (hindi nananampalatayang) bansa ay nagtangka ng laban sa kanilang Sugo upang sakmalin siya, at nakipagtalo sa pamamagitan ng kasinungalingan upang mapasinungalingan nila at sansalain dito ang katotohanan.. Kaya't Ako ang sumakmal sa kanila (sa kaparusahan)! At gaano katindi ang Aking pagpaparusa!

كَذَّبَتْ قَبْلَهُمْ قَوْمُ نُوحٍ وَٱلْأَحْزَابُ مِنۢ بَعْدِهِمْ ۖ وَهَمَّتْ كُلُّ أُمَّةٍۭ بِرَسُولِهِمْ لِيَأْخُذُوهُ ۖ وَجَٰدَلُوا۟ بِٱلْبَٰطِلِ لِيُدْحِضُوا۟ بِهِ ٱلْحَقَّ فَأَخَذْتُهُمْ ۖ فَكَيْفَ كَانَ عِقَابِ ﴿٥﴾

وَكَذَٰلِكَ حَقَّتْ كَلِمَتُ رَبِّكَ عَلَى ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ أَنَّهُمْ أَصْحَٰبُ ٱلنَّارِ ﴿٦﴾

6. Kaya't ang Salita (Pag-uutos) ng iyong Panginoon ay binigyang-katarungan laban doon sa mga hindi nanampalataya, na sila ang maninirahan sa Apoy!

ٱلَّذِينَ يَحْمِلُونَ ٱلْعَرْشَ وَمَنْ حَوْلَهُۥ يُسَبِّحُونَ بِحَمْدِ رَبِّهِمْ وَيُؤْمِنُونَ بِهِۦ وَيَسْتَغْفِرُونَ لِلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ رَبَّنَا وَسِعْتَ كُلَّ شَىْءٍ رَّحْمَةً وَعِلْمًا فَٱغْفِرْ لِلَّذِينَ تَابُوا۟ وَٱتَّبَعُوا۟ سَبِيلَكَ وَقِهِمْ عَذَابَ ٱلْجَحِيمِ ﴿٧﴾

7. Yaong (mga anghel) na nagtatangan ng *'Arsh* (Luklukan ni Allah) at yaong nakapalibot dito ay nagtataas sa pagpupuri (at pagluwalhati) sa kanilang Panginoon at sumasampalataya sa Kanya at naninilukhod ng pagpapatawad sa mga sumasampalataya (na nagsasabi): "O aming Panginoon! Kayo ang nakasasakop sa lahat ng bagay sa habag at karunungan kaya't Inyong patawarin sila na nagbabalik-loob sa pagsisisi at tumatahak sa Inyong Landas, at sila ay iadya Ninyo sa kaparusahan ng Naglalagablab na Apoy -

رَبَّنَا وَأَدْخِلْهُمْ جَنَّٰتِ عَدْنٍ ٱلَّتِى وَعَدتَّهُمْ وَمَن صَلَحَ مِنْ ءَابَآئِهِمْ وَأَزْوَٰجِهِمْ وَذُرِّيَّٰتِهِمْ ۚ إِنَّكَ أَنتَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٨﴾

8. O aming Panginoon! At Inyong tanggapin sila sa mga Halamanan ng Walang Hanggang Tahanan (Paraiso) na Inyong ipinangako sa kanila at sa mga matutuwid sa lipon ng kanilang ama, ng kanilang mga asawa, at sa kanilang mga anak! Katotohanang Kayo ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

وَقِهِمُ ٱلسَّيِّـَٔاتِ ۚ وَمَن تَقِ ٱلسَّيِّـَٔاتِ يَوْمَئِذٍ فَقَدْ رَحِمْتَهُۥ ۚ وَذَٰلِكَ هُوَ ٱلْفَوْزُ ٱلْعَظِيمُ ﴿٩﴾

9. At Inyong pangalagaan sila mula sa kasamaan na dulot (ng kanilang mga gawa) at siya na Inyong pangangalagaan sa masamang kahihinatnan sa Araw na yaon, Kayo ang nakapagkaloob sa kanya ng habag. At yaon ay isang dakilang tagumpay."

إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ يُنَادَوْنَ لَمَقْتُ ٱللَّهِ أَكْبَرُ مِن مَّقْتِكُمْ أَنفُسَكُمْ إِذْ تُدْعَوْنَ إِلَى ٱلْإِيمَٰنِ فَتَكْفُرُونَ ﴿١٠﴾

10. Ang mga hindi sumasampalataya ay pagsasabihan (sa sandali ng kanilang pagpasok sa Apoy): "Higit ang pag-ayaw ni Allah sa inyo (sa buhay sa mundong ito noong sila ay nagtakwil sa Pananampalataya) kaysa ang pag-ayaw ninyo sa inyong sarili sa isa't isa (na ngayon ay nasa Apoy ng Impiyerno), dahilan sa kayo ay tinawagan sa pananampalataya at naging hirati na kayo sa pag-ayaw."

قَالُوا۟ رَبَّنَآ أَمَتَّنَا ٱثْنَتَيْنِ وَأَحْيَيْتَنَا ٱثْنَتَيْنِ فَٱعْتَرَفْنَا بِذُنُوبِنَا فَهَلْ إِلَىٰ خُرُوجٍ مِّن سَبِيلٍ ﴿١١﴾

11. Sila ay mangungusap: "Aming Panginoon! Dalawang ulit na kami ay Inyong ginawa na mamatay (alalaong baga, kami ay patay mula sa laman ng aming ama at naging patay

pagkatapos na pumanaw sa mundong ito) at kami ay dalawang ulit na ginawa Ninyo na mabuhay (alalaong baga, ang mabuhay nang kami ay ipinanganak at mabuhay muli sa araw ng pagbangon)! Ngayon ay inaamin na namin ang aming mga kasalanan, mayroon baga kayang paraan na kami ay makawala rito?"

ذَٰلِكُم بِأَنَّهُۥٓ إِذَا دُعِىَ ٱللَّهُ وَحْدَهُۥ كَفَرْتُمْ ۖ وَإِن يُشْرَكْ بِهِۦ تُؤْمِنُوا۟ ۚ فَٱلْحُكْمُ لِلَّهِ ٱلْعَلِىِّ ٱلْكَبِيرِ ﴿١٢﴾

12. (At sa kanila ay ipagbabadya): "Ito'y sa dahilan na noong si Allah lamang ang tinatawagan (upang sambahin), kayo ay nagtatakwil sa pananampalataya, datapuwa't kung ang iba pang diyus-diyosan ay itambal sa Kanya, kayo ay nagsisisampalataya! Kaya't ang paghatol ay na kay Allah, ang Kataas-taasan, ang Pinakadakila!"

هُوَ ٱلَّذِى يُرِيكُمْ ءَايَٰتِهِۦ وَيُنَزِّلُ لَكُم مِّنَ ٱلسَّمَآءِ رِزْقًا ۚ وَمَا يَتَذَكَّرُ إِلَّا مَن يُنِيبُ ﴿١٣﴾

13. Siya (Allah) ang nagpamalas sa inyo ng Kanyang *Ayat* (mga kapahayagan, katibayan, aral, tanda) at nagparating sa inyo ng inyong ikabubuhay mula sa kalangitan; datapuwa't walang sinuman ang nakakaala-ala maliban sa kanya na nagbabalik-loob (kay Allah) sa pagsisisi.

فَٱدْعُوا۟ ٱللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ ٱلدِّينَ وَلَوْ كَرِهَ ٱلْكَٰفِرُونَ ﴿١٤﴾

14. Kaya't tawagan ninyo si Allah ng may matimtimang debosyon sa Kanya, kahit na ang mga hindi sumasampalataya ay mapoot dito.

رَفِيعُ ٱلدَّرَجَٰتِ ذُو ٱلْعَرْشِ يُلْقِى ٱلرُّوحَ مِنْ أَمْرِهِۦ عَلَىٰ مَن يَشَآءُ مِنْ عِبَادِهِۦ لِيُنذِرَ يَوْمَ ٱلتَّلَاقِ ﴿١٥﴾

15. Siya ay Mataas sa Kanyang mga Katangian. Siya ang Panginoon ng *'Arsh* (Luklukan). Sa pamamagitan ng Kanyang pag-uutos ay Kanyang isinusugo ang Kanyang inspirasyon (patnubay) sa sinuman sa Kanyang mga alipin na Kanyang maibigan, upang (Kanyang) mabigyang-babala (ang mga tao) sa araw ng pakikipagtipan (Araw ng Muling Pagkabuhay),

يَوْمَ هُم بَٰرِزُونَ ۖ لَا يَخْفَىٰ عَلَى ٱللَّهِ مِنْهُمْ شَىْءٌ ۚ لِّمَنِ ٱلْمُلْكُ ٱلْيَوْمَ ۖ لِلَّهِ ٱلْوَٰحِدِ ٱلْقَهَّارِ ﴿١٦﴾

16. Ang Araw na silang (lahat) ay magsisitambad. Walang anumang bagay ang nakalingid kay Allah. Kanino pa kaya ang kaharian sa araw na yaon? Ito ay kay Allah, ang Nag-iisa, ang hindi mapapangibabawan!

ٱلْيَوْمَ تُجْزَىٰ كُلُّ نَفْسٍۭ بِمَا كَسَبَتْ ۚ لَا ظُلْمَ ٱلْيَوْمَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ سَرِيعُ ٱلْحِسَابِ ﴿١٧﴾

17. Sa Araw na yaon ang bawat tao (kaluluwa) ay babayaran sa anumang kanyang ginawa. Walang anumang di-katarungan ang mananaig sa Araw na yaon sapagkat si Allah ay Maagap sa Pagsusulit.

وَأَنذِرْهُمْ يَوْمَ ٱلْآزِفَةِ إِذِ ٱلْقُلُوبُ لَدَى ٱلْحَنَاجِرِ كَٰظِمِينَ ۚ مَا لِلظَّٰلِمِينَ مِنْ حَمِيمٍ وَلَا شَفِيعٍ يُطَاعُ ﴿١٨﴾

18. Sila ay bigyan mo (O Muhammad) ng babala sa Araw na papalapit na (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay), nang ang puso ay mangyari na (waring) bumara sa kanilang lalamunan (dahilan sa tindi ng pagkatakot). Para sa *Zalimun* (mga hindi sumasampalataya, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, mapaggawa ng kabuktutan) ay walang isa mang lubos na kaibigan at walang isa mang tagapamagitan ang (marapat) na sundin.

يَعْلَمُ خَآئِنَةَ ٱلْأَعْيُنِ وَمَا تُخْفِى ٱلصُّدُورُ ﴿١٩﴾

19. Si Allah ang nakababatid kung ano ang dumaraya sa mga mata, at kung ano ang lahat nang itinatago ng puso (ng mga tao).

وَٱللَّهُ يَقْضِى بِٱلْحَقِّ ۖ وَٱلَّذِينَ يَدْعُونَ مِن دُونِهِۦ لَا يَقْضُونَ بِشَىْءٍ ۗ إِنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلسَّمِيعُ ٱلْبَصِيرُ ﴿٢٠﴾

20. At si Allah ay hahatol sa katotohanan (ng may katarungan) datapuwa't ang kanilang mga tinatawagan maliban pa sa Kanya ay hindi makakahatol sa anumang bagay. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakarinig, ang Lubos na Nakamamasid (ng lahat ng bagay).

۞ أَوَلَمْ يَسِيرُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ فَيَنظُرُوا۟ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلَّذِينَ كَانُوا۟ مِن قَبْلِهِمْ ۚ كَانُوا۟ هُمْ أَشَدَّ مِنْهُمْ قُوَّةً وَءَاثَارًا فِى ٱلْأَرْضِ فَأَخَذَهُمُ ٱللَّهُ بِذُنُوبِهِمْ وَمَا كَانَ لَهُم مِّنَ ٱللَّهِ مِن وَاقٍ ﴿٢١﴾

21. Hindi baga sila nagsisipaglakbay sa kalupaan at napagmamalas kung ano ang kinasapitan ng mga nangauna sa kanila? Sila ay higit na nangunguna sa kanila sa lakas at sa mga bakas (na kanilang naiwan) sa kalupaan. Datapuwa't si Allah ay sumakmal sa kanila sa kaparusahan dahilan sa kanilang kasalanan. At walang sinuman ang makapangangalaga sa kanila laban kay Allah,

ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ كَانَت تَّأْتِيهِمْ رُسُلُهُم بِٱلْبَيِّنَٰتِ فَكَفَرُوا۟ فَأَخَذَهُمُ ٱللَّهُ ۖ إِنَّهُۥ قَوِىٌّ شَدِيدُ ٱلْعِقَابِ ﴿٢٢﴾

22. Sapagkat sa kanila ay dumatal ang mga Sugo na may maliwanag (na mga Tanda), datapuwa't itinakwil nila ito, kaya't sila ay sinakmal ni Allah ng kaparusahan. Katotohanang si Allah ay Ganap na Malakas, ang Mahigpit sa Kaparusahan.

وَلَقَدْ أَرْسَلْنَا مُوسَىٰ بِـَٔايَٰتِنَا وَسُلْطَٰنٍ مُّبِينٍ ﴿٢٣﴾

23. Katotohanang Aming isinugo si Moises na dala ang Aming *Ayat* (mga kapahayagan, katibayan, aral, tanda) at isang malinaw na kapamahalaan -

إِلَىٰ فِرْعَوْنَ وَهَٰمَٰنَ وَقَٰرُونَ فَقَالُوا۟ سَٰحِرٌ كَذَّابٌ ﴿٢٤﴾

24. Kay Paraon, Haman at Korah; datapuwa't kanilang tinawag (siya na): "Isang manggagaway na nagsasabi ng kasinungalingan!"

فَلَمَّا جَآءَهُم بِٱلْحَقِّ مِنْ عِندِنَا قَالُوا۟ ٱقْتُلُوٓا۟

25. At nang ibigay niya sa kanila ang

أَبْنَآءَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مَعَهُۥ وَٱسْتَحْيُوا۟ نِسَآءَهُمْ ۚ وَمَا كَيْدُ ٱلْكَٰفِرِينَ إِلَّا فِى ضَلَٰلٍ ﴿٢٥﴾

Katotohanan mula sa Amin, sila ay nangusap: "Patayin ninyo ang mga anak na lalaki ng mga mananalig sa kanya, at hayaan ninyo ang kanilang kababaihan na mabuhay." Datapuwa't ang balak ng mga hindi sumasampalataya ay wala ng iba maliban sa kamalian (at maling haka-haka)!

وَقَالَ فِرْعَوْنُ ذَرُونِىٓ أَقْتُلْ مُوسَىٰ وَلْيَدْعُ رَبَّهُۥٓ ۖ إِنِّىٓ أَخَافُ أَن يُبَدِّلَ دِينَكُمْ أَوْ أَن يُظْهِرَ فِى ٱلْأَرْضِ ٱلْفَسَادَ ﴿٢٦﴾

26. At sinabi ni Paraon: "Hayaan (ninyong) patayin ko si Moises at hayaan (ninyo) na tumawag siya sa kanyang Panginoon! Ang aking pinangangambahan ay baka baguhin niya ang inyong paniniwala (pananampalataya) o baka siya ay magdulot ng katiwalian dito sa kalupaan!"

وَقَالَ مُوسَىٰٓ إِنِّى عُذْتُ بِرَبِّى وَرَبِّكُم مِّن كُلِّ مُتَكَبِّرٍ لَّا يُؤْمِنُ بِيَوْمِ ٱلْحِسَابِ ﴿٢٧﴾

27. At si Moises ay nagsabi: "Katotohanang ako ay humanap ng kaligtasan sa aking Panginoon at inyong Panginoon (bilang pananggalang) sa bawat palalo na hindi sumasampalataya sa Araw ng Pagsusulit!"

وَقَالَ رَجُلٌ مُّؤْمِنٌ مِّنْ ءَالِ فِرْعَوْنَ يَكْتُمُ إِيمَٰنَهُۥٓ أَتَقْتُلُونَ رَجُلًا أَن يَقُولَ رَبِّىَ ٱللَّهُ وَقَدْ جَآءَكُم بِٱلْبَيِّنَٰتِ مِن رَّبِّكُمْ ۖ وَإِن يَكُ كَٰذِبًا فَعَلَيْهِ كَذِبُهُۥ ۖ وَإِن يَكُ صَادِقًا يُصِبْكُم بَعْضُ ٱلَّذِى يَعِدُكُمْ ۖ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهْدِى مَنْ هُوَ مُسْرِفٌ كَذَّابٌ ﴿٢٨﴾

28. At isang tao mula sa pamayanan ni Paraon na naglilingid ng kanyang pananampalataya ang nagsabi: "Inyo bang papatayin ang isang tao dahilan sa siya ay nagsasabi ng: "Ang aking Panginoon ay si Allah?", samantalang siya ay nagdala sa inyo nang malinaw na mga Tanda (katibayan) mula sa inyong Panginoon? At kung siya man ay maging sinungaling, sasakanya (ang kasalanan) ng kanyang kasinungalingan; datapuwa't kung siya ay nagsasabi ng katotohanan, kung gayon ay sasapit sa inyo ang ilan (sa mga kapinsalaan kung saan) kayo ay kanyang pinaaalalahanan. Katotohanang si Allah ay hindi namamatnubay sa *Musrif* (isang nagmamalabis sa pagsuway sa lahat ng hangganan) at isang sinungaling!"

يَٰقَوْمِ لَكُمُ ٱلْمُلْكُ ٱلْيَوْمَ ظَٰهِرِينَ فِى ٱلْأَرْضِ فَمَن يَنصُرُنَا مِنۢ بَأْسِ ٱللَّهِ إِن جَآءَنَا ۚ قَالَ فِرْعَوْنُ مَآ أُرِيكُمْ إِلَّا مَآ أَرَىٰ وَمَآ أَهْدِيكُمْ إِلَّا سَبِيلَ ٱلرَّشَادِ ﴿٢٩﴾

29. "O aking pamayanan! Nasa sa inyo ngayon ang kapamahalaan sa araw na ito (dahilan sa kayo) ang nakapangyayari sa kalupaan; datapuwa't sino ang tutulong sa atin sa kaparusahan ni Allah kung ito ay dumatal sa atin?" Si Paraon ay nagsabi: "Hindi ko ipinakikita sa inyo (ang anuman) maliban na ito ay aking nakikita at hindi ko kayo

pinapatnubayan (sa anuman) maliban sa landas ng mabuting pag-uugali!"

30. At nangusap ang tao na sumasampalataya: "O aking pamayanan! Katotohanang ako ay nangangamba para sa inyo (sa isang kasasapitan) na katulad ng araw ng magkakapangkat (alalaong baga, ang mga araw kung kailan ipinadala ni Allah ang Kanyang kaparusahan sa mga nagtakwil sa kanilang mga propeta noong panahong sinauna)!

وَقَالَ ٱلَّذِىٓ ءَامَنَ يَٰقَوْمِ إِنِّىٓ أَخَافُ عَلَيْكُم مِّثْلَ يَوْمِ ٱلْأَحْزَابِ ﴿٣٠﴾

31. Na katulad nang kinasapitan ng pamayanan ni Noah, (pamayanan) ng A'ad, at (pamayanan) ng Thamud, at yaong mga sumunod (na pamayanan) pagkaraan nila. Datapuwa't si Allah ay hindi kailanman naghahangad ng kawalang-katarungan sa Kanyang mga alipin.

مِثْلَ دَأْبِ قَوْمِ نُوحٍ وَعَادٍ وَثَمُودَ وَٱلَّذِينَ مِنۢ بَعْدِهِمْ ۚ وَمَا ٱللَّهُ يُرِيدُ ظُلْمًا لِّلْعِبَادِ ﴿٣١﴾

32. Gayundin, "O aking pamayanan! Pinangangambahan ko sa inyo ang Araw na magkakaroon nang sabay na pagtatawagan (sa pagitan ng mga tao ng Impiyerno at Paraiso),

وَيَٰقَوْمِ إِنِّىٓ أَخَافُ عَلَيْكُمْ يَوْمَ ٱلتَّنَادِ ﴿٣٢﴾

33. Sa Araw na kayo ay tatalikod at tatalilis. Walang sinumang tagapagtanggol ang maaasahan ninyo mula kay Allah. Sinumang naisin ni Allah na mapaligaw, walang sinuman ang sa kanya ay makapamamatnubay."

يَوْمَ تُوَلُّونَ مُدْبِرِينَ مَا لَكُم مِّنَ ٱللَّهِ مِنْ عَاصِمٍ ۗ وَمَن يُضْلِلِ ٱللَّهُ فَمَا لَهُۥ مِنْ هَادٍ ﴿٣٣﴾

34. At katotohanan, sa inyo ay dumatal si Hosep noong nakalipas na panahon na may dalang maliwanag na mga Tanda (katibayan), datapuwa't nanatili kayo sa pag-aalinlangan tungkol (sa mensahe) na kanyang dinala sa inyo; at sa kalaunan nang siya ay mamatay, kayo ay nagsabi: "Wala ng iba pang Sugo ang ipapadala ni Allah pagkatapos niya". Sa ganito ay hinahayaan ni Allah na maligaw ang isang nagmamalabis sa pagsuway (sa lahat ng hangganan) at isang lagi nang may pag-aalinlangan (sa mensahe at Kaisahan ni Allah).

وَلَقَدْ جَآءَكُمْ يُوسُفُ مِن قَبْلُ بِٱلْبَيِّنَٰتِ فَمَا زِلْتُمْ فِى شَكٍّ مِّمَّا جَآءَكُم بِهِۦ ۖ حَتَّىٰٓ إِذَا هَلَكَ قُلْتُمْ لَن يَبْعَثَ ٱللَّهُ مِنۢ بَعْدِهِۦ رَسُولًا ۚ كَذَٰلِكَ يُضِلُّ ٱللَّهُ مَنْ هُوَ مُسْرِفٌ مُّرْتَابٌ ﴿٣٤﴾

35. Sila na nagsisipagtalo tungkol sa mga Tanda ni Allah na walang anumang kapamahalaan ang iginawad sa kanila, nangunguna ang pagkapoot (sa kanila) sa paningin ni Allah at sa paningin ng mga sumasampalataya. Sa ganito ay ipinipinid ni Allah ang puso ng bawat

ٱلَّذِينَ يُجَٰدِلُونَ فِىٓ ءَايَٰتِ ٱللَّهِ بِغَيْرِ سُلْطَٰنٍ أَتَىٰهُمْ ۖ كَبُرَ مَقْتًا عِندَ ٱللَّهِ وَعِندَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ۚ كَذَٰلِكَ يَطْبَعُ ٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ قَلْبِ مُتَكَبِّرٍ جَبَّارٍ ﴿٣٥﴾

mapagpaimbabaw at mapaniil (upang hindi nila mapatnubayan ang kanilang sarili sa tamang landas).

36. Si Paraon ay nagsabi: "O Haman! Itindig mo sa akin ang isang matayog na palasyo, upang aking marating ang mga daan,

وَقَالَ فِرْعَوْنُ يَٰهَٰمَٰنُ ٱبْنِ لِى صَرْحًا لَّعَلِّىٓ أَبْلُغُ ٱلْأَسْبَٰبَ ﴿٣٦﴾

37. Ang mga daan upang (maabot) ko ang kalangitan, at doon ay aking makita ang Diyos ni Moises; datapuwa't katiyakang inaakala ko na siya ay sinungaling!" Kaya't sa ganito ay ginawang kalugud-lugod sa paningin ni Paraon ang kasamaan ng kanyang mga gawa, at siya ay hinadlangan sa tamang landas at ang pakana ni Paraon ay wala ng iba maliban sa pagkawasak (at kapinsalaan sa kanya).

أَسْبَٰبَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ فَأَطَّلِعَ إِلَىٰٓ إِلَٰهِ مُوسَىٰ وَإِنِّى لَأَظُنُّهُۥ كَٰذِبًا ۚ وَكَذَٰلِكَ زُيِّنَ لِفِرْعَوْنَ سُوٓءُ عَمَلِهِۦ وَصُدَّ عَنِ ٱلسَّبِيلِ ۚ وَمَا كَيْدُ فِرْعَوْنَ إِلَّا فِى تَبَابٍ ﴿٣٧﴾

38. Ang isang tao na sumasampalataya ay muling nagsalita: "O aking pamayanan! Inyong sundin ako, at aking papatnubayan kayo sa tumpak na landas (alalaong baga, aking papatnubayan kayo sa Relihiyon ni Allah, ang Kaisahan ni Allah at sa Islam na rito ay isinugo si Moises)."

وَقَالَ ٱلَّذِىٓ ءَامَنَ يَٰقَوْمِ ٱتَّبِعُونِ أَهْدِكُمْ سَبِيلَ ٱلرَّشَادِ ﴿٣٨﴾

39. "O aking pamayanan! Ang pangkasalukuyang buhay dito sa mundo ay isa lamang (pansamantalang) kasiyahan. At ang Kabilang Buhay ang siyang tahanan na magtatagal."

يَٰقَوْمِ إِنَّمَا هَٰذِهِ ٱلْحَيَوٰةُ ٱلدُّنْيَا مَتَٰعٌ وَإِنَّ ٱلْءَاخِرَةَ هِىَ دَارُ ٱلْقَرَارِ ﴿٣٩﴾

40. "Sinuman ang gumawa ng kasamaan ay hindi babayaran maliban sa katumbas nito; at sinuman ang gumawa ng matutuwid na gawa, lalaki man o babae at isang mananampalataya; sila ang magsisipasok sa Halamanan (ng kaligayahan). Dito ay igagawad sa kanila ang kanilang ikababuhay nang walang pagbibilang."

مَّنْ عَمِلَ سَيِّئَةً فَلَا يُجْزَىٰٓ إِلَّا مِثْلَهَا ۖ وَمَنْ عَمِلَ صَٰلِحًا مِّن ذَكَرٍ أَوْ أُنثَىٰ وَهُوَ مُؤْمِنٌ فَأُو۟لَٰٓئِكَ يَدْخُلُونَ ٱلْجَنَّةَ يُرْزَقُونَ فِيهَا بِغَيْرِ حِسَابٍ ﴿٤٠﴾

41. Gayundin, "O aking pamayanan! (Lubhang pambihira) na kayo ay inaanyayahan ko para sa inyong kaligtasan habang ako naman ay inaanyayahan ninyo sa Apoy!"

۞ وَيَٰقَوْمِ مَا لِىٓ أَدْعُوكُمْ إِلَى ٱلنَّجَوٰةِ وَتَدْعُونَنِىٓ إِلَى ٱلنَّارِ ﴿٤١﴾

42. "Ako ay inaanyayahan ninyo na huwag manampalataya kay Allah at mag-akibat sa Kanya ng mga katambal na rito ay wala akong kaalaman. Kayo ay aking inaanyayahan sa (Kanya) na Sukdol sa Kapangyarihan at Lagi

تَدْعُونَنِى لِأَكْفُرَ بِٱللَّهِ وَأُشْرِكَ بِهِۦ مَا لَيْسَ لِى بِهِۦ عِلْمٌ وَأَنَا۠ أَدْعُوكُمْ إِلَى ٱلْعَزِيزِ ٱلْغَفَّٰرِ ﴿٤٢﴾

nang Nagpapatawad nang Paulit-ulit (sa mga kasalanan)!"

لَا جَرَمَ أَنَّمَا تَدْعُونَنِيٓ إِلَيْهِ لَيْسَ لَهُۥ دَعْوَةٌ فِى ٱلدُّنْيَا وَلَا فِى ٱلْءَاخِرَةِ وَأَنَّ مَرَدَّنَآ إِلَى ٱللَّهِ وَأَنَّ ٱلْمُسْرِفِينَ هُمْ أَصْحَٰبُ ٱلنَّارِ ﴿٤٣﴾

43. "Walang alinlangan na (sa mga diyus-diyosan) na ako ay inyong inaanyayahan ay (tunay) na walang (kasagutan ang isang) pagdalangin sa mundong ito o sa Kabilang Buhay. Katiyakan, ang ating pagbabalik ay kay Allah at katiyakan na ang mga tampalasan (palasuway) ay magiging mga kasamahan ng Apoy!"

فَسَتَذْكُرُونَ مَآ أَقُولُ لَكُمْ ۚ وَأُفَوِّضُ أَمْرِىٓ إِلَى ٱللَّهِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ بَصِيرٌۢ بِٱلْعِبَادِ ﴿٤٤﴾

44. "Hindi magtatagal ay inyong maaala-ala kung ano ang aking sinasabi sa inyo (ngayon). Ang aking (sariling) pangyayari (kahahantungan) ay inilalaan ko kay Allah; sapagkat si Allah ay Lagi nang Nagmamasid sa Kanyang mga alipin."

فَوَقَىٰهُ ٱللَّهُ سَيِّـَٔاتِ مَا مَكَرُوا۟ وَحَاقَ بِـَٔالِ فِرْعَوْنَ سُوٓءُ ٱلْعَذَابِ ﴿٤٥﴾

45. Kaya't pinangalagaan siya ni Allah sa mga kasamaan na kanilang binalak habang ang masamang kaparusahan ay bumalot sa pamayanan ni Paraon.

ٱلنَّارُ يُعْرَضُونَ عَلَيْهَا غُدُوًّا وَعَشِيًّا ۚ وَيَوْمَ تَقُومُ ٱلسَّاعَةُ أَدْخِلُوٓا۟ ءَالَ فِرْعَوْنَ أَشَدَّ ٱلْعَذَابِ ﴿٤٦﴾

46. Sa Apoy; sila ay nakalantad dito sa umaga at hapon (mula sa oras ng kanilang kamatayan hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay), at sa Araw na ang Takdang Oras ay lilitaw (ang mga anghel ay pagsasabihan): "Hayaan ang pamayanan ni Paraon ay pumasok sa pinakamatinding kaparusahan!"

وَإِذْ يَتَحَآجُّونَ فِى ٱلنَّارِ فَيَقُولُ ٱلضُّعَفَٰٓؤُا۟ لِلَّذِينَ ٱسْتَكْبَرُوٓا۟ إِنَّا كُنَّا لَكُمْ تَبَعًا فَهَلْ أَنتُم مُّغْنُونَ عَنَّا نَصِيبًا مِّنَ ٱلنَّارِ ﴿٤٧﴾

47. At (banggitin) ang (sandali) na sila ay makikipagtalo sa gitna ng Apoy! Ang mga mahihina (na sumunod) ay magsasabi sa mga palalo: "Katotohanang kami ay inyo lamang tagasunod, mangyaring kunin ninyo sa amin ang ilang bahagi ng Apoy?"

قَالَ ٱلَّذِينَ ٱسْتَكْبَرُوٓا۟ إِنَّا كُلٌّ فِيهَآ إِنَّ ٱللَّهَ قَدْ حَكَمَ بَيْنَ ٱلْعِبَادِ ﴿٤٨﴾

48. Sila na mga palalo ay magsasabi: "Tayong lahat (ay sama-sama) sa (Apoy) na ito. Katotohanang si Allah ay humatol na sa pagitan ng (Kanyang) mga alipin (nilikha)!"

وَقَالَ ٱلَّذِينَ فِى ٱلنَّارِ لِخَزَنَةِ جَهَنَّمَ ٱدْعُوا۟ رَبَّكُمْ يُخَفِّفْ عَنَّا يَوْمًا مِّنَ ٱلْعَذَابِ ﴿٤٩﴾

49. Sila na nasa Apoy ay magsasabi sa mga tagapagbantay ng Impiyerno: "Manalangin kayo sa inyong Panginoon na pagaanin sa amin ang kaparusahan ng Apoy kahit na sa isang araw (lamang)!"

قَالُوٓا۟ أَوَلَمْ تَكُ تَأْتِيكُمْ رُسُلُكُم بِٱلْبَيِّنَٰتِ ۖ قَالُوا۟ بَلَىٰ ۚ قَالُوا۟ فَٱدْعُوا۟ ۗ وَمَا دُعَٰٓؤُا۟ ٱلْكَٰفِرِينَ إِلَّا فِى ضَلَٰلٍ ﴿٥٠﴾

50. Sila ay mangungusap: "Hindi baga nakarating sa inyo ang mga Sugo na may dalang maliwanag na mga Katibayan?" Sila ay magsasabi: "Tunay nga." Sila ay sasagot: "Kung gayon, manalangin kayo (sa nais ninyo)! Datapuwa't ang panalangin ng mga walang pananampalataya ay walang saysay maliban sa kamalian (alalaong baga, walang silbi)!"

إِنَّا لَنَنصُرُ رُسُلَنَا وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ فِى ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا وَيَوْمَ يَقُومُ ٱلْأَشْهَٰدُ ﴿٥١﴾

51. Katotohanan na walang pagsala na Aming susuportahan ang Aming mga Sugo at ang mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah, sa Islam) sa buhay sa mundong ito at sa Araw na ang mga saksi ay magsisitambad (sa Araw ng Muling Pagkabuhay),

يَوْمَ لَا يَنفَعُ ٱلظَّٰلِمِينَ مَعْذِرَتُهُمْ ۖ وَلَهُمُ ٱللَّعْنَةُ وَلَهُمْ سُوٓءُ ٱلدَّارِ ﴿٥٢﴾

52. Sa Araw na ang kanilang katwiran ay walang magiging kapakinabangan sa *Zalimun* (mga tampalasan, buktot, mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah). Sasakanila ang sumpa at ang tahanan ng kapighatian (kaparusahan sa Impiyerno).

وَلَقَدْ ءَاتَيْنَا مُوسَى ٱلْهُدَىٰ وَأَوْرَثْنَا بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ ٱلْكِتَٰبَ ﴿٥٣﴾

53. At katiyakang Aming ibinigay kay Moises ang Patnubay at hinayaan Namin ang Angkan ng Israel ay magmana sa Kasulatan (alalaong baga, ang *Torah* [mga Batas]).

هُدًى وَذِكْرَىٰ لِأُو۟لِى ٱلْأَلْبَٰبِ ﴿٥٤﴾

54. Isang patnubay at paala-ala sa mga tao na may pang-unawa.

فَٱصْبِرْ إِنَّ وَعْدَ ٱللَّهِ حَقٌّ وَٱسْتَغْفِرْ لِذَنۢبِكَ وَسَبِّحْ بِحَمْدِ رَبِّكَ بِٱلْعَشِىِّ وَٱلْإِبْكَٰرِ ﴿٥٥﴾

55. Kaya't maging matiyaga ka (O Muhammad). Katotohanan, ang pangako ni Allah ay tunay, at humingi ka ng kapatawaran sa iyong pagkakasala (alalaong baga, pagkukulang o kamalian sa paghatol at pagpapasya), at luwalhatiin mo sa pagpupuri ang iyong Panginoon sa dapit-hapon at sa umaga.

إِنَّ ٱلَّذِينَ يُجَٰدِلُونَ فِىٓ ءَايَٰتِ ٱللَّهِ بِغَيْرِ سُلْطَٰنٍ أَتَىٰهُمْ ۙ إِن فِى صُدُورِهِمْ إِلَّا كِبْرٌ مَّا هُم بِبَٰلِغِيهِ ۚ فَٱسْتَعِذْ بِٱللَّهِ ۖ إِنَّهُۥ هُوَ ٱلسَّمِيعُ ٱلْبَصِيرُ ﴿٥٦﴾

56. Katotohanan, sila na nagsisipagtalo sa *Ayat* (mga tanda, katibayan, kapahayagan) ni Allah na walang (anumang) kapamahalaan ang iginawad sa kanila, wala ng iba pang laman ang kanilang dibdib maliban sa kapalaluan (ayaw tumanggap kay Propeta Muhammad bilang isang Sugo ni Allah). Hindi nila ito makakamit (ang pagiging propeta na ipinagkaloob ni Allah

sa iyo). Kaya't humanap ka (O Muhammad) ng kanlungan kay Allah (laban sa mga palalo); katotohanang Siya ang Lubos na Nakakarinig, ang Ganap na Nakamamasid (ng lahat ng bagay).

لَخَلْقُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ أَكْبَرُ مِنْ خَلْقِ ٱلنَّاسِ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَ ٱلنَّاسِ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٥٧﴾

57. Katotohanan, ang pagkalikha sa mga kalangitan at kalupaan ay higit na mataas (na bagay) kaysa sa pagkalikha ng tao; datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay walang kaalaman.

وَمَا يَسْتَوِى ٱلْأَعْمَىٰ وَٱلْبَصِيرُ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ وَلَا ٱلْمُسِىٓـُٔ ۚ قَلِيلًا مَّا تَتَذَكَّرُونَ ﴿٥٨﴾

58. Hindi magkapantay ang mga bulag at mga nakakakita; gayundin naman, hindi magkatulad ang mga gumagawa ng kabutihan at mga gumagawa ng kabuktutan. Kakarampot lamang ang inyong naaala-ala!

إِنَّ ٱلسَّاعَةَ لَءَاتِيَةٌ لَّا رَيْبَ فِيهَا وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَ ٱلنَّاسِ لَا يُؤْمِنُونَ ﴿٥٩﴾

59. Katotohanan, ang Huling Oras (katapusan ng mundo) ay walang pagsalang daratal; ito ay walang alinlangan. Datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay hindi naniniwala.

وَقَالَ رَبُّكُمُ ٱدْعُونِىٓ أَسْتَجِبْ لَكُمْ ۚ إِنَّ ٱلَّذِينَ يَسْتَكْبِرُونَ عَنْ عِبَادَتِى سَيَدْخُلُونَ جَهَنَّمَ دَاخِرِينَ ﴿٦٠﴾

60. At ang inyong Panginoon ay nagwika: "Dumalangin kayo sa Akin; diringgin Ko ang inyong panalangin; katiyakang sila na lubhang palalo na sumamba sa Akin ay walang pagsala na papasok sa Impiyerno na hindi magbabawa (ang Apoy)."

ٱللَّهُ ٱلَّذِى جَعَلَ لَكُمُ ٱلَّيْلَ لِتَسْكُنُوا۟ فِيهِ وَٱلنَّهَارَ مُبْصِرًا ۚ إِنَّ ٱللَّهَ لَذُو فَضْلٍ عَلَى ٱلنَّاسِ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَ ٱلنَّاسِ لَا يَشْكُرُونَ ﴿٦١﴾

61. Si Allah ang lumikha ng Gabi sa inyo upang kayo ay makapagpahingalay, at ng Araw, upang mabigyan kayo ng liwanag. Katotohanang si Allah ay Tigib ng Biyaya sa mga tao; datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay walang pasasalamat.

ذَٰلِكُمُ ٱللَّهُ رَبُّكُمْ خَٰلِقُ كُلِّ شَىْءٍ لَّآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ۖ فَأَنَّىٰ تُؤْفَكُونَ ﴿٦٢﴾

62. Siya si Allah, ang inyong Panginoon, ang lumikha ng lahat ng bagay. *La ilaha illa Huwa* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya); paano kayo (kung gayon) nalinlang sa katotohanan (sa pagsamba sa iba maliban pa kay Allah)!

كَذَٰلِكَ يُؤْفَكُ ٱلَّذِينَ كَانُوا۟ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ يَجْحَدُونَ ﴿٦٣﴾

63. Sa ganito Namin itinataboy ang mga tao na nagtatakwil sa *Ayat* (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral, atbp.) ni Allah.

ٱللَّهُ ٱلَّذِى جَعَلَ لَكُمُ ٱلْأَرْضَ قَرَارًا وَٱلسَّمَآءَ بِنَآءً وَصَوَّرَكُمْ فَأَحْسَنَ

64. Si Allah ang gumawa para sa inyo ng kalupaan bilang isang lugar ng pananahanan at ng alapaap (kalangitan) bilang isang kulandong,

صُوَرَكُمْ وَرَزَقَكُم مِّنَ ٱلطَّيِّبَٰتِ ۚ ذَٰلِكُمُ ٱللَّهُ رَبُّكُمْ ۖ فَتَبَارَكَ ٱللَّهُ رَبُّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٦٤﴾

at Kanyang binigyan kayo ng hubog at ginawa Niya ang inyong mga hugis na maganda, at naggawad Siya sa inyo ng ikabubuhay; ng mga bagay na dalisay at mabuti. Siya si Allah, ang inyong Panginoon. Kaya't luwalhatiin si Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang!

هُوَ ٱلْحَىُّ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ فَٱدْعُوهُ مُخْلِصِينَ لَهُ ٱلدِّينَ ۗ ٱلْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٦٥﴾

65. Siya ang Walang Hanggang Buhay. *La ilaha illa Huwa* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya); kaya't manalangin kayo sa Kanya at ibigay ninyo sa Kanya ang inyong matapat na debosyon. Ang lahat ng pagpupuri ay kay Allah lamang, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang!

۞ قُلْ إِنِّى نُهِيتُ أَنْ أَعْبُدَ ٱلَّذِينَ تَدْعُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ لَمَّا جَآءَنِىَ ٱلْبَيِّنَٰتُ مِن رَّبِّى وَأُمِرْتُ أَنْ أُسْلِمَ لِرَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٦٦﴾

66. Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay pinagbawalan na sambahin ang anumang inyong sinasamba tangi pa kay Allah; matapos na ang malinaw na mga Tanda (katibayan) ay dumatal sa akin mula sa aking Panginoon, at ako ay pinag-utusan na tumalima (sumuko) sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang."

هُوَ ٱلَّذِى خَلَقَكُم مِّن تُرَابٍ ثُمَّ مِن نُّطْفَةٍ ثُمَّ مِنْ عَلَقَةٍ ثُمَّ يُخْرِجُكُمْ طِفْلًا ثُمَّ لِتَبْلُغُوٓا۟ أَشُدَّكُمْ ثُمَّ لِتَكُونُوا۟ شُيُوخًا ۚ وَمِنكُم مَّن يُتَوَفَّىٰ مِن قَبْلُ وَلِتَبْلُغُوٓا۟ أَجَلًا مُّسَمًّى وَلَعَلَّكُمْ تَعْقِلُونَ ﴿٦٧﴾

67. Siya (Allah) ang lumikha sa inyo mula sa alabok (Adan), at pagkatapos ay mula sa *Nutfah* (magkahalong patak ng semilya ng lalaki at babae, alalaong baga, mga supling ni Adan), at pagkatapos ay naging tila lintang kimpal ng laman, at pagkatapos ay inilabas kayo (sa liwanag) bilang isang sanggol; at Kanyang hinayaan kayo (na lumaki) sa hustong gulang na puno ng lakas; at pagkatapos ay Kanyang hinayaan kayo sa pagtanda, bagama't ang iba sa inyo ay namatay nang maaga; at hinayaan Niya na marating ninyo ang natataningang panahon; upang kayo ay makaunawa.

هُوَ ٱلَّذِى يُحْىِۦ وَيُمِيتُ ۖ فَإِذَا قَضَىٰٓ أَمْرًا فَإِنَّمَا يَقُولُ لَهُۥ كُن فَيَكُونُ ﴿٦٨﴾

68. Siya (Allah) ang naggagawad ng Buhay at Kamatayan; at kung Siya ay magpasya sa isang pangyayari, Siya ay magwiwika lamang ng: "Mangyari nga!" at ito ay magaganap.

أَلَمْ تَرَ إِلَى ٱلَّذِينَ يُجَٰدِلُونَ فِىٓ ءَايَٰتِ ٱللَّهِ أَنَّىٰ يُصْرَفُونَ ﴿٦٩﴾

69. Hindi mo ba namamasdan sila na nagsisipagtalo tungkol sa *Ayat* (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral, atbp.) ni Allah? Tingnan kung paano sila lumalayo (sa

Katotohanan, alalaong baga, ang Kaisahan ni Allah laban sa kabulaanan ng pagsamba sa mga diyus-diyosan)?

70. Sila na nagtatakwil sa Aklat (ang Qur'an) at sa (kapahayagan) na Aming ipinadala sa Aming mga Sugo (alalaong baga, ang sumamba lamang kay Allah at magtakwil sa lahat ng mga huwad na diyus-diyosan at magpahayag ng muling pagkabuhay matapos ang kamatayan); hindi maglalaon ay kanilang mapag-aalaman (kung sila ay ihahagis na sa apoy ng Impiyerno),

ٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِٱلْكِتَٰبِ وَبِمَآ أَرْسَلْنَا بِهِۦ رُسُلَنَا ۖ فَسَوْفَ يَعْلَمُونَ ﴿٧٠﴾

71. Kung ang kuwelyong bakal ay ipupulupot na sa kanilang leeg, at ang kadena; sila ay hahataking kasama nito,

إِذِ ٱلْأَغْلَٰلُ فِىٓ أَعْنَاقِهِمْ وَٱلسَّلَٰسِلُ ۚ يُسْحَبُونَ ﴿٧١﴾

72. Sa kumukulong tubig na maanta, at pagkatapos, sa Apoy sila ay susunugin.

فِى ٱلْحَمِيمِ ثُمَّ فِى ٱلنَّارِ يُسْجَرُونَ ﴿٧٢﴾

73. At sa kanila ay ipagbabadya: "Nasaan ang (lahat) ng mga diyus-diyosan na inyong binibigyan ng inyong pagsamba (at iniaakibat bilang mga katambal) -

ثُمَّ قِيلَ لَهُمْ أَيْنَ مَا كُنتُمْ تُشْرِكُونَ ﴿٧٣﴾

74. Maliban pa kay Allah?'' Sila ay magsisisagot: "Sila ay lumayo sa amin. Bagkus pa nga, kami ay hindi nanawagan (sa pagsamba) sa anupaman maging noong una." Kaya't sa ganito inaakay ni Allah ang mga hindi sumasampalataya sa pagkaligaw.

مِن دُونِ ٱللَّهِ ۖ قَالُوا۟ ضَلُّوا۟ عَنَّا بَل لَّمْ نَكُن نَّدْعُوا۟ مِن قَبْلُ شَيْـًٔا ۚ كَذَٰلِكَ يُضِلُّ ٱللَّهُ ٱلْكَٰفِرِينَ ﴿٧٤﴾

75. (Ang mga anghel ay magsasabi): "Ito'y sa dahilang kayo ay nangagagalak dito sa kalupaan ng walang karapatan at kayo ay nahirati nang mag-asal ng kapusungan.

ذَٰلِكُم بِمَا كُنتُمْ تَفْرَحُونَ فِى ٱلْأَرْضِ بِغَيْرِ ٱلْحَقِّ وَبِمَا كُنتُمْ تَمْرَحُونَ ﴿٧٥﴾

76. Magsipasok kayo sa mga tarangkahan ng Impiyerno upang dito manahan; at kasamaan ang tirahan ng mga mapagpalalo!"

ٱدْخُلُوٓا۟ أَبْوَٰبَ جَهَنَّمَ خَٰلِدِينَ فِيهَا ۖ فَبِئْسَ مَثْوَى ٱلْمُتَكَبِّرِينَ ﴿٧٦﴾

77. Kaya't maging matiyaga ka (O Muhammad). Katotohanan, ang pangako ni Allah ay tunay; at kahit na Aking ipamalas sa iyo (sa buhay na ito) ang ilang bahagi ng Aming ipinangako sa kanila, o pahintulutan Namin na ikaw ay mamatay (sa Aming Habag), magkagayunman, sa Amin pa rin ang kanilang pagbabalik.

فَٱصْبِرْ ۖ إِنَّ وَعْدَ ٱللَّهِ حَقٌّ ۖ فَإِمَّا نُرِيَنَّكَ بَعْضَ ٱلَّذِى نَعِدُهُمْ أَوْ نَتَوَفَّيَنَّكَ فَإِلَيْنَا يُرْجَعُونَ ﴿٧٧﴾

78. At katotohanang Kami ay nagpadala ng

وَلَقَدْ أَرْسَلْنَا رُسُلًا مِّن قَبْلِكَ مِنْهُم مَّن

مِنْهُم مَّن لَّمْ نَقْصُصْ عَلَيْكَ ۖ وَمَا كَانَ لِرَسُولٍ أَن يَأْتِيَ بِآيَةٍ إِلَّا بِإِذْنِ اللَّهِ ۚ فَإِذَا جَاءَ أَمْرُ اللَّهِ قُضِيَ بِالْحَقِّ وَخَسِرَ هُنَالِكَ الْمُبْطِلُونَ ﴿٧٨﴾

mga Sugo nang una pa sa iyo (O Muhammad); ang iba ay Aming inilahad sa iyo ang kanilang kasaysayan at ang iba ay hindi Namin inilahad sa iyo, at hindi (Namin) binigyan ng kapamahalaan ang sinumang Sugo na magdala siya ng Tanda maliban na pahintulutan ni Allah. Datapuwa't kung ang pag-uutos ni Allah ay naipalabas na, ito ay pagtitibayin (alalaong baga, pagpapasyahan o hahatulan) sa katotohanan, at ang mga mapagsinungaling (mapandaya) ay magiging talunan (na lahat).

اللَّهُ الَّذِي جَعَلَ لَكُمُ الْأَنْعَامَ لِتَرْكَبُوا مِنْهَا وَمِنْهَا تَأْكُلُونَ ﴿٧٩﴾

79. Si Allah ang lumikha ng hayop (bakahan at kauri nito) para sa inyo upang kayo ay makasakay sa ilan sa kanila, at ang iba ay bilang inyong pagkain.

وَلَكُمْ فِيهَا مَنَافِعُ وَلِتَبْلُغُوا عَلَيْهَا حَاجَةً فِي صُدُورِكُمْ وَعَلَيْهَا وَعَلَى الْفُلْكِ تُحْمَلُونَ ﴿٨٠﴾

80. At para sa inyo, (sa kanila) ay mayroong pa kayong (ibang) kapakinabangan; gayundin sa pamamagitan nila ay inyong maaabot ang inyong naisin na nasa inyong dibdib (magdala ng mga paninda, dalahin, atbp.) sa pamamagitan nila, at sa mga barko kayo ay dinadala (isinasakay).

وَيُرِيكُمْ آيَاتِهِ فَأَيَّ آيَاتِ اللَّهِ تُنْكِرُونَ ﴿٨١﴾

81. At ipinamamalas Niya sa inyo (nang palagian) ang Kanyang mga Tanda at Katibayan (ng Kanyang Kaisahan sa lahat ng mga binanggit sa itaas); kung gayon, alin sa mga Tanda at Katibayan ni Allah ang inyong itinatatwa?

أَفَلَمْ يَسِيرُوا فِي الْأَرْضِ فَيَنْظُرُوا كَيْفَ كَانَ عَاقِبَةُ الَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ ۚ كَانُوا أَكْثَرَ مِنْهُمْ وَأَشَدَّ قُوَّةً وَآثَارًا فِي الْأَرْضِ فَمَا أَغْنَىٰ عَنْهُم مَّا كَانُوا يَكْسِبُونَ ﴿٨٢﴾

82. Hindi baga sila nagsisipaglakbay sa kalupaan at napagmamalas kung ano ang kinasapitan noong mga nangauna sa kanila? Sila ay higit na marami kaysa sa kanila at higit na malakas, at sa mga bakas (na kanilang naiwan) sa kalupaan; gayunman ang lahat ng kanilang nakamtan ay walang kapakinabangan sa kanila.

فَلَمَّا جَاءَتْهُمْ رُسُلُهُم بِالْبَيِّنَاتِ فَرِحُوا بِمَا عِندَهُم مِّنَ الْعِلْمِ وَحَاقَ بِهِم مَّا كَانُوا بِهِ يَسْتَهْزِئُونَ ﴿٨٣﴾

83. At nang dumatal sa kanila ang kanilang mga Sugo na may maliwanag na katibayan, sila ay masaya (at nagmamalaki) sa mga bagay na sila ay may kaalaman (sa makamundong bagay), at ang bagay na lagi nang tinutuya nila noon ay nakapaligid sa kanila (alalaong baga, ang kaparusahan).

فَلَمَّا رَأَوْا۟ بَأْسَنَا قَالُوٓا۟ ءَامَنَّا بِٱللَّهِ وَحْدَهُۥ وَكَفَرْنَا بِمَا كُنَّا بِهِۦ مُشْرِكِينَ ﴿٨٤﴾

84. Kaya't nang kanilang mapagmalas ang Aming kaparusahan, sila ay nagsabi: "Kami ay sumasampalataya lamang kay Allah at kami ay nagtatakwil (sa lahat) ng anupaman na aming iniaakibat sa Kanya bilang (Kanyang) katambal.

فَلَمْ يَكُ يَنفَعُهُمْ إِيمَٰنُهُمْ لَمَّا رَأَوْا۟ بَأْسَنَا ۖ سُنَّتَ ٱللَّهِ ٱلَّتِى قَدْ خَلَتْ فِى عِبَادِهِۦ ۖ وَخَسِرَ هُنَالِكَ ٱلْكَٰفِرُونَ ﴿٨٥﴾

85. Datapuwa't ang pagsasabi nila ng kanilang pananampalataya (sa Islam at sa Kaisahan ni Allah) sa sandaling makita nila ang Aming kaparusahan ay hindi makapagbibigay ng kapakinabangan sa kanila. Ito, noon pa, ang paraan nang pakikitungo ni Allah sa Kanyang mga alipin. At dito ang mga hindi sumasampalataya ay naging mga talunang (lahat).

Surah 41

Surat Fussilat
(Ang Ipinaliwanag)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ha, Mim. (Mga titik Ha, Ma. Ito ay isa sa mga milagro ng Qur'an at tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

حمٓ ﴿١﴾

2. Isang kapahayagan mula kay Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain;

تَنزِيلٌ مِّنَ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ ﴿٢﴾

3. Isang Aklat, na ang mga talata ay ginawang masusi. Isang Qur'an sa (wikang) Arabik para sa mga tao na may pang-unawa;

كِتَٰبٌ فُصِّلَتْ ءَايَٰتُهُۥ قُرْءَانًا عَرَبِيًّا لِّقَوْمٍ يَعْلَمُونَ ﴿٣﴾

4. Na nagbibigay ng Magandang Balita (ng Paraiso sa mga nananalig sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at Babala (ng kaparusahan sa Apoy ng Impiyerno sa mga hindi nananalig sa Kaisahan ni Allah); datapuwa't ang karamihan sa kanila ay tumatalikod, kaya't sila ay hindi nakakarinig.

بَشِيرًا وَنَذِيرًا فَأَعْرَضَ أَكْثَرُهُمْ فَهُمْ لَا يَسْمَعُونَ ﴿٤﴾

5. Sila ay nagsasabi: "Ang aming puso ay natatakpan hinggil sa mga bagay na kami ay iyong inaanyayahan, at sa aming mga tainga ay kabingihan, at sa pagitan mo at namin ay may isang lambong, kaya't gawin mo (ang gusto mong gawin), gagawin namin (ang nais naming gawin).

وَقَالُوا۟ قُلُوبُنَا فِىٓ أَكِنَّةٍ مِّمَّا تَدْعُونَآ إِلَيْهِ وَفِىٓ ءَاذَانِنَا وَقْرٌ وَمِنۢ بَيْنِنَا وَبَيْنِكَ حِجَابٌ فَٱعْمَلْ إِنَّنَا عَٰمِلُونَ ﴿٥﴾

6. Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay isa lamang tao na katulad ninyo. Ito ay ipinahayag sa akin sa inspirasyon na ang inyong Diyos ay Iisang Diyos lamang (si Allah), kaya't tahakin ninyo ang Tuwid na Landas tungo sa Kanya (at maging masunurin sa Kanya) at humingi (kayo) ng Kanyang pagpapatawad." At kasawian sa *Al-Mushrikun* (mga pagano, mapagsamba sa mga

قُلْ إِنَّمَآ أَنَا۠ بَشَرٌ مِّثْلُكُمْ يُوحَىٰٓ إِلَىَّ أَنَّمَآ إِلَٰهُكُمْ إِلَٰهٌ وَٰحِدٌ فَٱسْتَقِيمُوٓا۟ إِلَيْهِ وَٱسْتَغْفِرُوهُ ۗ وَوَيْلٌ لِّلْمُشْرِكِينَ ﴿٦﴾

diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, sila na nagtatambal sa pagsamba sa Kanya at nag-aakibat ng karibal sa Kanya).

7. Sila na hindi nagbabayad ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa), at nagtatatwa sa Kabilang Buhay.

ٱلَّذِينَ لَا يُؤْتُونَ ٱلزَّكَوٰةَ وَهُم بِٱلْءَاخِرَةِ هُمْ كَٰفِرُونَ ﴿٧﴾

8. Katotohanan, sila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at naniniwala sa Kanyang Sugo) at gumagawa ng katuwiran ay mayroong gantimpala na hindi magmamaliw (sa Paraiso).

إِنَّ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ لَهُمْ أَجْرٌ غَيْرُ مَمْنُونٍ ﴿٨﴾

9. Ipagbadya (O Muhammad): "Tunay bang hindi kayo sumasampalataya sa Kanya na lumikha ng kalupaan sa dalawang Araw? At kayo ay nag-aakibat ng mga kapantay (sa pagsamba) sa Kanya? Siya ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang.

۞ قُلْ أَئِنَّكُمْ لَتَكْفُرُونَ بِٱلَّذِى خَلَقَ ٱلْأَرْضَ فِى يَوْمَيْنِ وَتَجْعَلُونَ لَهُۥٓ أَندَادًا ۚ ذَٰلِكَ رَبُّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٩﴾

10. Inilagay Niya (sa kalupaan) ang mga bundok na nakatindig nang matatag sa ibabaw nito, at nagkaloob Siya ng mga biyaya sa kalupaan, at tiniyak (Niya) ang laang ikabubuhay (ng mga nilalang) sa apat na Araw nang walang pagtatangi-tangi (alalaong baga, ang apat na araw na ito ay magkakatulad sa haba ng panahon), para (sa kaalaman) niyaong mga nagtatanong (tungkol sa pagkalikha nito).

وَجَعَلَ فِيهَا رَوَٰسِىَ مِن فَوْقِهَا وَبَٰرَكَ فِيهَا وَقَدَّرَ فِيهَآ أَقْوَٰتَهَا فِىٓ أَرْبَعَةِ أَيَّامٍ سَوَآءً لِّلسَّآئِلِينَ ﴿١٠﴾

11. At pagkaraan, Siya ay nag-*Istawa* (pumaibabaw) sa kalangitan (alapaap) [sa paraang naaangkop sa Kanyang Kamahalan] nang ito ay isa pang usok, at Siya ay nagwika rito at sa kalupaan: "Magsiparito kayo kapwa sa Akin maging sa nais ninyo o sa ayaw ninyo." Sila ay nagsabi: "Kami ay pumaparito sa aming kagustuhan".

ثُمَّ ٱسْتَوَىٰٓ إِلَى ٱلسَّمَآءِ وَهِىَ دُخَانٌ فَقَالَ لَهَا وَلِلْأَرْضِ ٱئْتِيَا طَوْعًا أَوْ كَرْهًا قَالَتَآ أَتَيْنَا طَآئِعِينَ ﴿١١﴾

12. At naganap Niyang malikha ang mga ito bilang pitong kalangitan (alapaap) sa dalawang Araw at itinakda Niya sa bawat kalangitan (alapaap) ang kanilang tungkulin at kautusan. At Aming pinalamutihan ang pinakamababang kalangitan (alapaap) ng mga ilaw (bituin) at (ginawaran) ito ng tagapagbantay (laban sa mga demonyo). Ito ang pagpapasya (Niya), ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

فَقَضَىٰهُنَّ سَبْعَ سَمَٰوَاتٍ فِى يَوْمَيْنِ وَأَوْحَىٰ فِى كُلِّ سَمَآءٍ أَمْرَهَا ۚ وَزَيَّنَّا ٱلسَّمَآءَ ٱلدُّنْيَا بِمَصَٰبِيحَ وَحِفْظًا ۚ ذَٰلِكَ تَقْدِيرُ ٱلْعَزِيزِ ٱلْعَلِيمِ ﴿١٢﴾

فَإِنْ أَعْرَضُوا۟ فَقُلْ أَنذَرْتُكُمْ صَٰعِقَةً مِّثْلَ صَٰعِقَةِ عَادٍ وَثَمُودَ ﴿١٣﴾

13. Datapuwa't kung sila ay magsitalikod, iyong ipagbadya (O Muhammad): "Aking binigyan kayo ng babala ng isang *Sa'iqa* (matinding pagkidlat) na katulad ng *Sa'iqa* (matinding pagkidlat, na nagwasak sa pamayanan) ng A'ad at Thamud."

إِذْ جَآءَتْهُمُ ٱلرُّسُلُ مِنۢ بَيْنِ أَيْدِيهِمْ وَمِنْ خَلْفِهِمْ أَلَّا تَعْبُدُوٓا۟ إِلَّا ٱللَّهَ ۖ قَالُوا۟ لَوْ شَآءَ رَبُّنَا لَأَنزَلَ مَلَٰٓئِكَةً فَإِنَّا بِمَآ أُرْسِلْتُم بِهِۦ كَٰفِرُونَ ﴿١٤﴾

14. Pagmalasin! Ang mga Sugo ay dumatal sa kanila sa kanilang harapan at sa kanilang likuran (na nangangaral): "Huwag kayong sumamba sa iba maliban pa kay Allah." Sila ay sumagot: "Kung ang aming Panginoon ay magnais, walang pagsala na Kanyang susuguin ang mga anghel. Katotohanang kami ay hindi sumasampalataya sa (bagay o mensahe) kung (saan) ka isinugo!"

فَأَمَّا عَادٌ فَٱسْتَكْبَرُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ بِغَيْرِ ٱلْحَقِّ وَقَالُوا۟ مَنْ أَشَدُّ مِنَّا قُوَّةً ۖ أَوَلَمْ يَرَوْا۟ أَنَّ ٱللَّهَ ٱلَّذِى خَلَقَهُمْ هُوَ أَشَدُّ مِنْهُمْ قُوَّةً ۖ وَكَانُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا يَجْحَدُونَ ﴿١٥﴾

15. At (ang angkan) ng A'ad ay kumilos ng may kapalaluan sa kalupaan ng walang anumang karapatan, at sila ay nagsabi: "Sino ang higit na makapangyarihan sa amin sa lakas?" Hindi baga nila napagmamalas na si Allah na Siyang lumikha sa kanila ay higit na makapangyarihan sa lakas kaysa sa kanila? At sila ay patuloy sa pagtatakwil sa Aming *Ayat* (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral)!

فَأَرْسَلْنَا عَلَيْهِمْ رِيحًا صَرْصَرًا فِىٓ أَيَّامٍ نَّحِسَاتٍ لِّنُذِيقَهُمْ عَذَابَ ٱلْخِزْىِ فِى ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا ۖ وَلَعَذَابُ ٱلْءَاخِرَةِ أَخْزَىٰ ۖ وَهُمْ لَا يُنصَرُونَ ﴿١٦﴾

16. Kaya't Aming ipinadala laban sa kanila ang umuugong na hangin sa araw ng masamang pangitain (kapinsalaan), upang Aming maipalasap sa kanila ang kaparusahan ng pagkaaba sa makamundong buhay na ito; datapuwa't ang Kaparusahan ng Kabilang Buhay ay higit na kaaba-aba; at sila ay hindi matutulungan.

وَأَمَّا ثَمُودُ فَهَدَيْنَٰهُمْ فَٱسْتَحَبُّوا۟ ٱلْعَمَىٰ عَلَى ٱلْهُدَىٰ فَأَخَذَتْهُمْ صَٰعِقَةُ ٱلْعَذَابِ ٱلْهُونِ بِمَا كَانُوا۟ يَكْسِبُونَ ﴿١٧﴾

17. At sa (angkan ng) Thamud, sila ay Aming pinatnubayan, datapuwa't pinili nila ang pagiging bulag (ng kanilang puso) kaysa sa patnubay. Kaya't ang kidlat ng kaparusahan (mapaminsalang sigaw) ng pagkaaba ang sumakmal sa kanila dahilan sa kanilang ginawa.

وَنَجَّيْنَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَكَانُوا۟ يَتَّقُونَ ﴿١٨﴾

18. At Aming iniligtas yaong mga sumasampalataya at lagi nang nangangamba kay Allah.

وَيَوْمَ يُحْشَرُ أَعْدَاءُ اللَّهِ إِلَى النَّارِ فَهُمْ يُوزَعُونَ ﴿١٩﴾

19. At (alalahanin) ang Araw na ang mga kaaway ni Allah ay titipunin nang sama-sama sa Apoy; na nakapila sa mga hanay.

حَتَّىٰ إِذَا مَا جَاءُوهَا شَهِدَ عَلَيْهِمْ سَمْعُهُمْ وَأَبْصَارُهُمْ وَجُلُودُهُم بِمَا كَانُوا يَعْمَلُونَ ﴿٢٠﴾

20. Hanggang sa kanilang sapitin (ang Apoy), ang kanilang pandinig, ang kanilang paningin, at ang kanilang balat ay magbibigay-patotoo laban sa kanila sa (lahat) nilang mga ginawa.

وَقَالُوا لِجُلُودِهِمْ لِمَ شَهِدتُّمْ عَلَيْنَا ۖ قَالُوا أَنطَقَنَا اللَّهُ الَّذِي أَنطَقَ كُلَّ شَيْءٍ وَهُوَ خَلَقَكُمْ أَوَّلَ مَرَّةٍ وَإِلَيْهِ تُرْجَعُونَ ﴿٢١﴾

21. Sila ay magsasabi sa kanilang balat: "Bakit kayo nagbibigay-patotoo laban sa amin? Sila (ang kanilang balat) ay magsasabi: "Si Allah ay nagpapangyari sa amin na makapangusap, (Siya) na nagbigay sa lahat na makapangusap; at Siya ang lumikha sa inyo noong una at sa Kanya rin kayo ay magbabalik."

وَمَا كُنتُمْ تَسْتَتِرُونَ أَن يَشْهَدَ عَلَيْكُمْ سَمْعُكُمْ وَلَا أَبْصَارُكُمْ وَلَا جُلُودُكُمْ وَلَٰكِن ظَنَنتُمْ أَنَّ اللَّهَ لَا يَعْلَمُ كَثِيرًا مِّمَّا تَعْمَلُونَ ﴿٢٢﴾

22. At hindi ninyo binabalutan (alalaong baga, pinangangalagaan) ang inyong sarili (sa pamamagitan ng kabanalan at pagkatakot kay Allah), baka (mangyari) ang inyong pandinig, ang inyong paningin, at ang inyong balat ay magbigay-saksi laban sa inyo! Datapuwa't inyong napag-akala na si Allah ay hindi nakababatid sa karamihan ng inyong mga ginagawa!

وَذَٰلِكُمْ ظَنُّكُمُ الَّذِي ظَنَنتُم بِرَبِّكُمْ أَرْدَاكُمْ فَأَصْبَحْتُم مِّنَ الْخَاسِرِينَ ﴿٢٣﴾

23. Datapuwa't ang pag-aakala ninyong ito na inyong iniisip tungkol sa inyong Panginoon ay naghantong sa inyo sa pagkawasak, at ngayon (sa Araw na ito), kayo ay napabilang sa mga tandisang talunan!

فَإِن يَصْبِرُوا فَالنَّارُ مَثْوًى لَّهُمْ ۖ وَإِن يَسْتَعْتِبُوا فَمَا هُم مِّنَ الْمُعْتَبِينَ ﴿٢٤﴾

24. Kaya't (kahit na) sila ay matiyaga, ang Apoy ay isang Tahanan para sa kanila! At kung sila ay magmakaawa sa kapatawaran, ang kanilang pakiusap ay hindi pagbibigyan.

۞ وَقَيَّضْنَا لَهُمْ قُرَنَاءَ فَزَيَّنُوا لَهُم مَّا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْ وَحَقَّ عَلَيْهِمُ الْقَوْلُ فِي أُمَمٍ قَدْ خَلَتْ مِن قَبْلِهِم مِّنَ الْجِنِّ وَالْإِنسِ ۖ إِنَّهُمْ كَانُوا خَاسِرِينَ ﴿٢٥﴾

25. Kaya't Aming itinalaga sa kanila ang mga kasama (sa mundong ito, ang mga masasamang *Jinn* at tao) na gumawa na maging kaakit-akit sa kanila ang anumang nasa harapan nila (kasamaan sa buhay na ito) at anumang nasa likuran nila (pagtanggi sa katotohanan ng Kabilang Buhay). At ang Salita (Pag-uutos ng kaparusahan) ay pinairal sa kanila sa lipon ng mga bansa (henerasyon) ng mga *Jinn* at tao na pumanaw na noong una pa sa kanila. Katotohanan, silang lahat ay talunan.

وَقَالَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لَا تَسْمَعُوا۟ لِهَٰذَا ٱلْقُرْءَانِ وَٱلْغَوْا۟ فِيهِ لَعَلَّكُمْ تَغْلِبُونَ ﴿٢٦﴾

26. At ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi: "Huwag kayong makinig sa Qur'an at mangusap kayo ng may kaingayan (huwag basahin nang malinaw o gumawa ng kaguluhan) sa gitna nang (pagbasa) nito, marahil, ito ay inyong mapapangibabawan (mananaig ang di-pagkaunawa)!"

فَلَنُذِيقَنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ عَذَابًا شَدِيدًا وَلَنَجْزِيَنَّهُمْ أَسْوَأَ ٱلَّذِى كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿٢٧﴾

27. Datapuwa't walang pagsala na Aming hahayaan ang mga hindi sumasampalataya na kanilang lasapin ang matinding kaparusahan, at katiyakan na Aming gagantihan sila para sa pinakamasama na kanilang ginagawa.

ذَٰلِكَ جَزَآءُ أَعْدَآءِ ٱللَّهِ ٱلنَّارُ ۖ لَهُمْ فِيهَا دَارُ ٱلْخُلْدِ ۖ جَزَآءًۢ بِمَا كَانُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا يَجْحَدُونَ ﴿٢٨﴾

28. Ito ang kabayaran sa mga kaaway ni Allah, ang Apoy; dito sila ay mananahan ng walang hanggan; isang (angkop) na kabayaran sa ginawa nilang pagtatakwil sa Aming *Ayat* (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral).

وَقَالَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ رَبَّنَآ أَرِنَا ٱلَّذَيْنِ أَضَلَّانَا مِنَ ٱلْجِنِّ وَٱلْإِنسِ نَجْعَلْهُمَا تَحْتَ أَقْدَامِنَا لِيَكُونَا مِنَ ٱلْأَسْفَلِينَ ﴿٢٩﴾

29. At ang mga hindi sumasampalataya ay magsasabi: "O Aming Panginoon! Ipakita Ninyo sa Amin ang mga *Jinn* at tao na nagligaw sa amin; aming ipapailalim sila sa aming mga paa (sa pinakamababang antas ng Impiyerno), upang sila ay maging pinakamababa sa kaabahan."

إِنَّ ٱلَّذِينَ قَالُوا۟ رَبُّنَا ٱللَّهُ ثُمَّ ٱسْتَقَٰمُوا۟ تَتَنَزَّلُ عَلَيْهِمُ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ أَلَّا تَخَافُوا۟ وَلَا تَحْزَنُوا۟ وَأَبْشِرُوا۟ بِٱلْجَنَّةِ ٱلَّتِى كُنتُمْ تُوعَدُونَ ﴿٣٠﴾

30. Katotohanan! Sila na nagsasabi: "Ang aming Panginoon ay si Allah (lamang)," at higit pa rito ay tunay na sumusunod sa Relihiyon ng Islam (at matimtiman sa kabutihan), ang mga anghel ay papanaog sa kanila (sa sandali ng kanilang kamatayan, na nagsasabi): "Huwag kayong mangamba, gayundin ang malumbay! Datapuwa't inyong tanggapin ang magandang balita ng Halamanan (Paraiso) na sa inyo ay ipinangako!

نَحْنُ أَوْلِيَآؤُكُمْ فِى ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا وَفِى ٱلْـَٔاخِرَةِ ۖ وَلَكُمْ فِيهَا مَا تَشْتَهِىٓ أَنفُسُكُمْ وَلَكُمْ فِيهَا مَا تَدَّعُونَ ﴿٣١﴾

31. Kami ang inyong naging mga kapanalig sa buhay sa mundong ito at (gayundin) sa Kabilang Buhay; dito ay sasainyo ang lahat ninyong maibigan; dito ay sasainyo ang lahat ninyong hihilingin!

نُزُلًا مِّنْ غَفُورٍ رَّحِيمٍ ﴿٣٢﴾

32. Isang mabiyayang gantimpala mula sa Nag-iisang (si Allah), ang Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain!"

33. Sino kaya baga ang higit na mabuti sa pagsasalita maliban sa kanya na nananawagan (sa mga tao) tungkol kay Allah, at gumagawa ng kabutihan at nagsasabi: "Ako ay isa sa mga Muslim (na sumusuko kay Allah)."

وَمَنْ أَحْسَنُ قَوْلًا مِّمَّن دَعَآ إِلَى ٱللَّهِ وَعَمِلَ صَٰلِحًا وَقَالَ إِنَّنِى مِنَ ٱلْمُسْلِمِينَ ﴿٣٣﴾

34. Ang mabuting gawa at masamang gawa ay hindi magkatulad. Itaboy (kasuklaman) ang (masama) sa pamamagitan (ng gawa) na mabuti, kung magkakagayon, siya na sa pagitan mo at niya ay may pagkagalit (sa isa't isa ay mangyayari) na tila ba siya ay dati nang malapit na kaibigan.

وَلَا تَسْتَوِى ٱلْحَسَنَةُ وَلَا ٱلسَّيِّئَةُ ۚ ٱدْفَعْ بِٱلَّتِى هِىَ أَحْسَنُ فَإِذَا ٱلَّذِى بَيْنَكَ وَبَيْنَهُۥ عَدَٰوَةٌ كَأَنَّهُۥ وَلِىٌّ حَمِيمٌ ﴿٣٤﴾

35. At walang bibigyan nito (ng katangiang nabanggit sa itaas) maliban sa mga matitiyaga, at walang sinuman ang bibigyan nito maliban sa nagmamay-ari ng malaking bahagi (ng kaligayahan sa Kabilang Buhay, alalaong baga, sa Paraiso at sa buhay na ito nang isang mataas na pag-uugali).

وَمَا يُلَقَّىٰهَآ إِلَّا ٱلَّذِينَ صَبَرُوا۟ وَمَا يُلَقَّىٰهَآ إِلَّا ذُو حَظٍّ عَظِيمٍ ﴿٣٥﴾

36. At kung may dumatal sa iyo (O Muhammad) na masamang bulong (mungkahi) mula kay Satanas, kung gayon, ikaw ay humanap ng pagkalinga kay Allah. Katotohanang Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Lubos na Nakamamasid.

وَإِمَّا يَنزَغَنَّكَ مِنَ ٱلشَّيْطَٰنِ نَزْغٌ فَٱسْتَعِذْ بِٱللَّهِ ۖ إِنَّهُۥ هُوَ ٱلسَّمِيعُ ٱلْعَلِيمُ ﴿٣٦﴾

37. At ang ilan sa Kanyang mga Tanda ay ang gabi at liwanag (maghapon), ang araw at buwan. Huwag kayong magpatirapa sa araw gayundin sa buwan, datapuwa't magpatirapa lamang kayo kay Allah na Siyang lumikha sa kanila, kung kayo (ay tunay) na sumasamba sa Kanya.

وَمِنْ ءَايَٰتِهِ ٱلَّيْلُ وَٱلنَّهَارُ وَٱلشَّمْسُ وَٱلْقَمَرُ ۚ لَا تَسْجُدُوا۟ لِلشَّمْسِ وَلَا لِلْقَمَرِ وَٱسْجُدُوا۟ لِلَّهِ ٱلَّذِى خَلَقَهُنَّ إِن كُنتُمْ إِيَّاهُ تَعْبُدُونَ ﴿٣٧﴾

38. Datapuwa't kung sila ay lubhang palalo (na isagawa ito), kung gayon, ay mayroong (mga anghel) na nasa (paligid) ng iyong Panginoon na lumuluwalhati sa Kanya sa gabi at araw, at sila kailanman ay hindi nangapapagal.

فَإِنِ ٱسْتَكْبَرُوا۟ فَٱلَّذِينَ عِندَ رَبِّكَ يُسَبِّحُونَ لَهُۥ بِٱلَّيْلِ وَٱلنَّهَارِ وَهُمْ لَا يَسْـَٔمُونَ ﴿٣٨﴾

39. At ang ilan sa Kanyang mga Tanda (ay ito); na inyong napagmamasdan ang kalupaan na tuyot, datapuwa't nang magpamalisbis Kami ng tubig (ulan) sa mga ito, ito ay sumigla sa pagkabuhay at nagpatubo (sa mga halaman). Katotohanang Siya na nagbigay dito ng buhay,

وَمِنْ ءَايَٰتِهِۦٓ أَنَّكَ تَرَى ٱلْأَرْضَ خَٰشِعَةً فَإِذَآ أَنزَلْنَا عَلَيْهَا ٱلْمَآءَ ٱهْتَزَّتْ وَرَبَتْ ۚ إِنَّ ٱلَّذِىٓ أَحْيَاهَا لَمُحْىِ ٱلْمَوْتَىٰٓ ۚ إِنَّهُۥ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿٣٩﴾

walang pagsala, (Siya) ay makapagbibigay ng buhay sa patay (sa Araw ng Pagbangon). Katotohanan! Siya ay makagagawa ng lahat ng bagay.

إِنَّ ٱلَّذِينَ يُلْحِدُونَ فِىٓ ءَايَٰتِنَا لَا يَخْفَوْنَ عَلَيْنَا ۗ أَفَمَن يُلْقَىٰ فِى ٱلنَّارِ خَيْرٌ أَم مَّن يَأْتِىٓ ءَامِنًا يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ ۚ ٱعْمَلُوا۟ مَا شِئْتُمْ إِنَّهُۥ بِمَا تَعْمَلُونَ بَصِيرٌ ﴿٤٠﴾

40. Katotohanan, sila na nagtatanim ng kalihisan sa Aming *Ayat* (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral) ay hindi nalilingid sa Amin. Siya kaya na ihahagis sa Apoy ay higit na mainam, o siya kaya na darating na ligtas sa Araw ng Pagkabuhay? Gawin ninyo ang inyong nais. Katotohanan! Siya ang Ganap na Nakamamasid ng inyong ginagawa (ito ay isang matinding babala sa mga hindi sumasampalataya).

إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ بِٱلذِّكْرِ لَمَّا جَآءَهُمْ ۖ وَإِنَّهُۥ لَكِتَٰبٌ عَزِيزٌ ﴿٤١﴾

41. Katotohanan! Sila na hindi nananalig sa Paala-ala (Qur'an) nang ito ay dumatal sa kanila (ay tatanggap ng kaparusahan). At katiyakan na ito ay Pinakapangunahing Aklat (alalaong baga, ito ay hindi mapapantayan sapagkat ito ay Pahayag ni Allah at Kanyang pinangalagaan ito sa anumang pagbabago at kamalian).

لَّا يَأْتِيهِ ٱلْبَٰطِلُ مِنۢ بَيْنِ يَدَيْهِ وَلَا مِنْ خَلْفِهِۦ ۖ تَنزِيلٌ مِّنْ حَكِيمٍ حَمِيدٍ ﴿٤٢﴾

42. Ang kasinungalingan (kabulaanan) ay hindi sasanib dito (Qur'an), maging sa harapan o likuran nito. Ito ay ipinadala ng Isang Tigib ng Karunungan, ng Isang Karapat-dapat sa lahat ng Pagpupuri.

مَّا يُقَالُ لَكَ إِلَّا مَا قَدْ قِيلَ لِلرُّسُلِ مِن قَبْلِكَ ۚ إِنَّ رَبَّكَ لَذُو مَغْفِرَةٍ وَذُو عِقَابٍ أَلِيمٍ ﴿٤٣﴾

43. Wala ng iba pa ang sinabi sa iyo (ng mga tao, O Muhammad), maliban sa nasabi (na noon ng mga tao) sa mga Sugo na nauna sa iyo. Katotohanan, ang iyong Panginoon ang Nagmamay-ari ng pagpapatawad, gayundin, ang Naghahawak ng kasakit-sakit na kaparusahan.

وَلَوْ جَعَلْنَٰهُ قُرْءَانًا أَعْجَمِيًّا لَّقَالُوا۟ لَوْلَا فُصِّلَتْ ءَايَٰتُهُۥٓ ۖ ءَا۬عْجَمِىٌّ وَعَرَبِىٌّ ۗ قُلْ هُوَ لِلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ هُدًى وَشِفَآءٌ ۖ وَٱلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ فِىٓ ءَاذَانِهِمْ وَقْرٌ وَهُوَ عَلَيْهِمْ عَمًى ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ يُنَادَوْنَ مِن مَّكَانٍۭ بَعِيدٍ ﴿٤٤﴾

44. At kung Aming ipinadala ang Qur'an na ito sa ibang wika na iba sa Arabik, ay kanilang sasabihin: "Bakit ang mga talata nito ay hindi ipinaliwanag nang puspusan (sa aming wika)? Ano! (Isang aklat) na hindi sa (wikang) Arabik at (ang Sugo) ay isang Arabo?" Ipagbadya: "Ito ay para sa mga sumasampalataya, isang patnubay at lunas. At sa mga hindi sumasampalataya ay mayroong kabigatan (pagkabingi) sa kanilang mga tainga, at ito

(Qur'an) ay isang pagkabulag sa kanilang (mga mata). Sila (ay wari bang) tinatawag sa isang malayong lugar (kaya't sila ay hindi nakikinig o nakakaunawa)!"

وَلَقَدْ ءَاتَيْنَا مُوسَى ٱلْكِتَٰبَ فَٱخْتُلِفَ فِيهِ ۗ وَلَوْلَا كَلِمَةٌ سَبَقَتْ مِن رَّبِّكَ لَقُضِىَ بَيْنَهُمْ ۚ وَإِنَّهُمْ لَفِى شَكٍّ مِّنْهُ مُرِيبٍ ﴿٤٥﴾

45. At katiyakang ibinigay Namin kay Moises ang kasulatan noong pang una; datapuwa't ito ay humantong sa di-pagkakasundo. At kung hindi lamang sa Salita (itinadhana o pag-uutos) na ipinangusap noong una mula sa iyong Panginoon, (ang kanilang pagkakahidwa) ay malaon nang nalutas sa pagitan nila. Datapuwa't katotohanang sila ay nasa malaking alinlangan dito.

مَّنْ عَمِلَ صَٰلِحًا فَلِنَفْسِهِۦ ۖ وَمَنْ أَسَآءَ فَعَلَيْهَا ۗ وَمَا رَبُّكَ بِظَلَّٰمٍ لِّلْعَبِيدِ ﴿٤٦﴾

46. Sinuman ang gumawa ng kabutihan, ito ay para sa kapakinabangan ng kanyang sariling kaluluwa; sinumang gumawa ng kabuktutan, ito ay laban sa kanyang sariling kaluluwa. Ang iyong Panginoon ay hindi kailanman naging di-makatarungan (kahit na katiting) sa Kanyang mga alipin.

۞ إِلَيْهِ يُرَدُّ عِلْمُ ٱلسَّاعَةِ ۚ وَمَا تَخْرُجُ مِن ثَمَرَٰتٍ مِّنْ أَكْمَامِهَا وَمَا تَحْمِلُ مِنْ أُنثَىٰ وَلَا تَضَعُ إِلَّا بِعِلْمِهِۦ ۚ وَيَوْمَ يُنَادِيهِمْ أَيْنَ شُرَكَآءِى قَالُوٓا۟ ءَاذَنَّٰكَ مَا مِنَّا مِن شَهِيدٍ ﴿٤٧﴾

47. Sa Kanya (lamang) ang pag-aangkin ng kaalaman ng Oras (ng Paghuhukom). Walang anumang bunga ng kahoy ang lumalabas sa kanyang hibla (balot), gayundin ay walang babae ang nagdadalang-tao (sa kanyang sinapupunan), at walang sanggol ang isinisilang na hindi Niya nababatid. At sa Araw na Siya ay tatawag sa kanila (na mga pagano at mapagsamba sa mga diyus-diyosan) na (nagsasabi): "Nasaan (ang sinasabi) ninyo na Aking mga katambal?" Sila ay magsasabi: "Ipinagsasaysay namin sa Inyo na wala ng (natitira) pa sa lipon namin ang makapagbibigay-saksi (sa gayong pag-aakibat)!"

وَضَلَّ عَنْهُم مَّا كَانُوا۟ يَدْعُونَ مِن قَبْلُ ۖ وَظَنُّوا۟ مَا لَهُم مِّن مَّحِيصٍ ﴿٤٨﴾

48. At ang (mga diyus-diyosan) na nakahiratihan na nilang pinananalanginan noon ay bibigo sa kanila, at kanilang mapag-aakala na sila ay walang kaligtasan (sa kaparusahan ni Allah).

لَّا يَسْـَٔمُ ٱلْإِنسَٰنُ مِن دُعَآءِ ٱلْخَيْرِ وَإِن مَّسَّهُ ٱلشَّرُّ فَيَـُٔوسٌ قَنُوطٌ ﴿٤٩﴾

49. Ang tao (na walang pananalig) ay hindi nahahapo sa paghingi ng mabuting bagay (mula kay Allah), datapuwa't kung ang kasawian ay dumatal sa kanya, siya ay wala ng pag-asa at nawawalan ng pag-asa.

وَلَئِنْ أَذَقْنَٰهُ رَحْمَةً مِّنَّا مِنۢ بَعْدِ ضَرَّآءَ مَسَّتْهُ لَيَقُولَنَّ هَٰذَا لِي وَمَآ أَظُنُّ ٱلسَّاعَةَ قَآئِمَةً وَلَئِن رُّجِعْتُ إِلَىٰ رَبِّيٓ إِنَّ لِي عِندَهُۥ لَلْحُسْنَىٰ ۚ فَلَنُنَبِّئَنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ بِمَا عَمِلُوا۟ وَلَنُذِيقَنَّهُم مِّنْ عَذَابٍ غَلِيظٍ ﴿٥٠﴾

50. At kung ipalasap Namin sa kanya ang ilang habag mula sa Amin, pagkaraan na ang ilang kahirapan (paghihikahos o karamdaman) ay dumatal sa kanya, katiyakan na kanyang sasabihin: "Ito ay dahilan sa aking (kagalingan); hindi ko iniisip na ang Huling Oras (ang katapusan ng mundo o ang Araw ng Paghuhukom) ay magaganap, datapuwa't kung ako man ay ibabalik sa aking Panginoon, katotohanang sasaakin ang pinakamainam (o gantimpala) mula sa Kanya!" Datapuwa't katiyakang Aming ipaaalam sa mga hindi sumasampalataya ang tungkol sa kanilang ginawa, at Aming ipapalasap sa kanila ang matinding kaparusahan.

وَإِذَآ أَنْعَمْنَا عَلَى ٱلْإِنسَٰنِ أَعْرَضَ وَنَـَٔا بِجَانِبِهِۦ وَإِذَا مَسَّهُ ٱلشَّرُّ فَذُو دُعَآءٍ عَرِيضٍ ﴿٥١﴾

51. At kung Aming igawad ang kagandahang-loob sa tao, siya ay tumatalikod at lumalayo; datapuwa't kung ang kasamaan ay sumapit sa kanya, siya ay nasa (katayuan) nang ganap at mahabang pagdalangin!

قُلْ أَرَءَيْتُمْ إِن كَانَ مِنْ عِندِ ٱللَّهِ ثُمَّ كَفَرْتُم بِهِۦ مَنْ أَضَلُّ مِمَّنْ هُوَ فِى شِقَاقٍۭ بَعِيدٍ ﴿٥٢﴾

52. Ipagbadya: "Isinasaalang-alang ba ninyo kung ito (ang Qur'an) ay (katiyakang) mula kay Allah; magkagayunman, ito ay inyong itinatakwil (di-pinaniniwalaan)? Sino pa kaya ang higit na naliligaw maliban sa kanya na nasa malayong pagtutol (sa Tuwid na Landas at pagsunod kay Allah).

سَنُرِيهِمْ ءَايَٰتِنَا فِى ٱلْءَافَاقِ وَفِىٓ أَنفُسِهِمْ حَتَّىٰ يَتَبَيَّنَ لَهُمْ أَنَّهُ ٱلْحَقُّ ۗ أَوَلَمْ يَكْفِ بِرَبِّكَ أَنَّهُۥ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ شَهِيدٌ ﴿٥٣﴾

53. (Hindi magtatagal ay) ipakikita Namin sa kanila ang Aming mga Tanda sa buong santinakpan at sa kanilang sarili; hanggang sa ito ay maging maliwanag sa kanila na ito (Qur'an) ang katotohanan. Hindi pa ba sapat na ang inyong Panginoon ang saksi sa lahat ng bagay?

أَلَآ إِنَّهُمْ فِى مِرْيَةٍ مِّن لِّقَآءِ رَبِّهِمْ ۗ أَلَآ إِنَّهُۥ بِكُلِّ شَىْءٍ مُّحِيطٌۢ ﴿٥٤﴾

54. Katotohanan! Sila ay nag-aalinlangan tungkol sa Pakikipagtipan sa kanilang Panginoon? (alalaong baga, ang Muling Pagkabuhay). Katotohanang Siya ang nakasasakop sa lahat ng bagay!

Surah 42

Surat Ash-Shura
(Ang Pagsasanggunian)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ha, Mim. (Mga titik Ha, Ma. Ito ay isa sa mga milagro ng Qur'an at tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

حمٓ ﴿١﴾

2. Ain, Sin, Qaf. (Mga titik A, Sa, Qa. Ito ay isa sa mga milagro ng Qur'an at tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

عٓسٓقٓ ﴿٢﴾

3. Sa ganito (Siya) ay nagpadala ng inspirasyon sa iyo (O Muhammad) na kagaya rin naman ng mga nanga-una sa iyo. Si Allah ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

كَذَٰلِكَ يُوحِىٓ إِلَيْكَ وَإِلَى ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِكَ ٱللَّهُ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٣﴾

4. Sa Kanya ang pag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan; at Siya ang Kataas-taasan, ang Pinakadakila.

لَّهُۥ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ ۖ وَهُوَ ٱلْعَلِىُّ ٱلْعَظِيمُ ﴿٤﴾

5. Ang mga kalangitan ay halos mabiyak sa pagkakalansag-lansag sa kanilang ibabaw (sa pamamagitan ng Kanyang Kamahalan), at ang mga anghel ay lumuluwalhati ng mga papuri ng kanilang Panginoon at nagsusumamo sa kapatawaran ng mga nasa kalupaan. Katotohanan! Siya si Allah, ang Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

تَكَادُ ٱلسَّمَٰوَٰتُ يَتَفَطَّرْنَ مِن فَوْقِهِنَّ ۚ وَٱلْمَلَٰٓئِكَةُ يُسَبِّحُونَ بِحَمْدِ رَبِّهِمْ وَيَسْتَغْفِرُونَ لِمَن فِى ٱلْأَرْضِ ۗ أَلَآ إِنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلْغَفُورُ ٱلرَّحِيمُ ﴿٥﴾

6. At sa kanila na tumatangkilik sa *Auliya* (tagapagbantay, tagapangalaga, tagapagtaguyod, kawaksi, atbp.) na iba pa maliban sa Kanya (alalaong baga, sila ay nananawagan sa mga diyus-diyosan bilang tagapangalaga), si Allah (pa rin) ang *Hafiz* (Tagapangalaga, Tagapagkupkop, Tagapamahala, Tagapagtaguyod) sa kanila (nakamamasid sa kanilang ginagawa at Siyang gaganti sa kanila),

وَٱلَّذِينَ ٱتَّخَذُوا۟ مِن دُونِهِۦٓ أَوْلِيَآءَ ٱللَّهُ حَفِيظٌ عَلَيْهِمْ وَمَآ أَنتَ عَلَيْهِم بِوَكِيلٍ ﴿٦﴾

at ikaw (O Muhammad) ay hindi isang *Wakil* (tagapamahala) ng mga pangyayari sa kanilang buhay.

وَكَذَٰلِكَ أَوْحَيْنَآ إِلَيْكَ قُرْءَانًا عَرَبِيًّا لِّتُنذِرَ أُمَّ ٱلْقُرَىٰ وَمَنْ حَوْلَهَا وَتُنذِرَ يَوْمَ ٱلْجَمْعِ لَا رَيْبَ فِيهِ ۚ فَرِيقٌ فِى ٱلْجَنَّةِ وَفَرِيقٌ فِى ٱلسَّعِيرِ ﴿٧﴾

7. Kaya't inihayag Namin sa iyo (O Muhammad) ang Qur'an sa (wikang) Arabik upang iyong mabigyang-babala ang Ina ng mga Lungsod (alalaong baga, ang Makkah) at ang nakapaligid dito, at upang mabigyang-babala (sila) sa Araw ng Pagtitipon (sa mga hanay) na walang alinlangan; (na kung saan) ang ibang pangkat ay tutungo sa Paraiso at ang ibang pangkat ay (tutungo) sa Naglalagablab na Apoy (ng Impiyerno).

وَلَوْ شَآءَ ٱللَّهُ لَجَعَلَهُمْ أُمَّةً وَٰحِدَةً وَلَٰكِن يُدْخِلُ مَن يَشَآءُ فِى رَحْمَتِهِۦ ۚ وَٱلظَّٰلِمُونَ مَا لَهُم مِّن وَلِىٍّ وَلَا نَصِيرٍ ﴿٨﴾

8. Kung ninais lamang ni Allah, magagawa Niya na likhain sila na iisang bansa (pamayanan); datapuwa't tinatanggap Niya ang sinumang Kanyang maibigan sa Kanyang Habag. At ang *Zalimun* (mga tampalasan, pagano, mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian) ay walang magiging *Wali* (tagapangalaga) o katulong.

أَمِ ٱتَّخَذُوا۟ مِن دُونِهِۦٓ أَوْلِيَآءَ ۖ فَٱللَّهُ هُوَ ٱلْوَلِىُّ وَهُوَ يُحْىِ ٱلْمَوْتَىٰ وَهُوَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿٩﴾

9. (Ano)! Sila ba ay tumangkilik ng mga tagapangalaga (o mga kapanalig) maliban pa sa Kanya? Datapuwa't si Allah, Siya lamang ang *Wali* (Tagapangalaga). At Siya ang naggagawad ng buhay sa patay at Siya ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

وَمَا ٱخْتَلَفْتُمْ فِيهِ مِن شَىْءٍ فَحُكْمُهُۥٓ إِلَى ٱللَّهِ ۚ ذَٰلِكُمُ ٱللَّهُ رَبِّى عَلَيْهِ تَوَكَّلْتُ وَإِلَيْهِ أُنِيبُ ﴿١٠﴾

10. At sa anumang bagay na hindi ninyo pinagkakasunduan, ang pasya rito ay na kay Allah (Siya ang Namamayaning Hukom). Siya si Allah, ang aking Panginoon; sa Kanya ako ay nagtitiwala, at sa Kanya ako bumabaling sa lahat ng mga pangyayari sa akin at sa pagtitika.

فَاطِرُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ جَعَلَ لَكُم مِّنْ أَنفُسِكُمْ أَزْوَٰجًا وَمِنَ ٱلْأَنْعَٰمِ أَزْوَٰجًا ۖ يَذْرَؤُكُمْ فِيهِ ۚ لَيْسَ كَمِثْلِهِۦ شَىْءٌ ۖ وَهُوَ ٱلسَّمِيعُ ٱلْبَصِيرُ ﴿١١﴾

11. (Siya) ang Tagapaglikha ng kalangitan at kalupaan. Ginawa Niya para sa inyo ang (inyong) kabiyak (asawa) mula sa inyong sarili at gayundin ang kaparehang (babae) sa mga bakahan (hayupan). (Sa ganitong paraan) ay Kanyang pinarami kayo. Walang anupamang bagay ang makakatulad sa Kanya, at Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Lubos na Nakamamasid.

لَهُۥ مَقَالِيدُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ يَبْسُطُ ٱلرِّزْقَ لِمَن يَشَآءُ وَيَقْدِرُ ۚ إِنَّهُۥ بِكُلِّ شَىْءٍ عَلِيمٌ ﴿١٢﴾

12. Sa Kanya ang pag-aangkin ng mga susi ng kalangitan at kalupaan. Siya ang nagpapasagana ng ikabubuhay ng sinumang Kanyang maibigan at naghihigpit din naman (sa sinumang Kanyang naisin). Katotohanang Siya ang Lubos na Nakakaalam ng lahat ng bagay.

۞ شَرَعَ لَكُم مِّنَ ٱلدِّينِ مَا وَصَّىٰ بِهِۦ نُوحًا وَٱلَّذِىٓ أَوْحَيْنَآ إِلَيْكَ وَمَا وَصَّيْنَا بِهِۦٓ إِبْرَٰهِيمَ وَمُوسَىٰ وَعِيسَىٰٓ ۖ أَنْ أَقِيمُوا۟ ٱلدِّينَ وَلَا تَتَفَرَّقُوا۟ فِيهِ ۚ كَبُرَ عَلَى ٱلْمُشْرِكِينَ مَا تَدْعُوهُمْ إِلَيْهِ ۚ ٱللَّهُ يَجْتَبِىٓ إِلَيْهِ مَن يَشَآءُ وَيَهْدِىٓ إِلَيْهِ مَن يُنِيبُ ﴿١٣﴾

13. Siya (Allah) ang nagtakda sa inyo ng gayong ding Pananalig (Islam) na Kanyang itinakda (ipinag-utos) kay Noah, at gayundin ang Aming ipinahayag sa iyo (O Muhammad) at gayundin ang Aming ipinahayag kay Abraham, Moises at Hesus, na (nagsasabi na) kayo ay manatiling matimtiman sa Pananalig, at huwag kayong gumawa ng pagkakabaha-bahagi rito (sa Pananampalataya, alalaong baga, pagkakaroon ng iba't ibang sekta). Ang iyong ipinangangaral (O Muhammad), ito ay hindi katanggap-tanggap sa *Mushrikun* (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah). Si Allah ang pumipili para sa Kanyang Sarili ng sinumang Kanyang mapusuan at Siya ang namamatnubay tungo sa Kanya sa sinumang bumabaling sa Kanya sa pagsisisi at pagtalima.

وَمَا تَفَرَّقُوٓا۟ إِلَّا مِنۢ بَعْدِ مَا جَآءَهُمُ ٱلْعِلْمُ بَغْيًۢا بَيْنَهُمْ ۚ وَلَوْلَا كَلِمَةٌ سَبَقَتْ مِن رَّبِّكَ إِلَىٰٓ أَجَلٍ مُّسَمًّى لَّقُضِىَ بَيْنَهُمْ ۚ وَإِنَّ ٱلَّذِينَ أُورِثُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ مِنۢ بَعْدِهِمْ لَفِى شَكٍّ مِّنْهُ مُرِيبٍ ﴿١٤﴾

14. At sila ay hindi naging magkakahiwalay (walang pagbabaha-bahagi noong una) hanggang sa nang dumating lamang ang kaalaman, - ito ay mula sa mapanibughong pagkagalit sa pagitan ng kanilang sarili (sa bawa't isa). At kung hindi lamang sa Salita (Pag-uutos) na ipinangusap sa kanila noong una mula sa iyong Panginoon (na nagpapaliban sa kaparusahan) hanggang sa natataningang panahon, ang (pangyayari) ay (malaon) nang pinairal sa pagitan nila. At katotohanan, yaong mga ginawaran na magmana ng Kasulatan (*Torah* [mga Batas] at Ebanghelyo pagkatapos nila [mga Hudyo at Kristiyano]) ay nasa nakababalisang pag-aalinlangan tungkol dito (alalaong baga, sa Relihiyon ni Allah, sa Islam o sa Qur'an).

فَلِذَٰلِكَ فَٱدْعُ ۖ وَٱسْتَقِمْ كَمَآ أُمِرْتَ ۖ وَلَا تَتَّبِعْ أَهْوَآءَهُمْ ۖ وَقُلْ ءَامَنتُ بِمَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ

15. Kaya't sa gayong (Relihiyon ni Allah, ang Islam at sa Qur'an), anyayahan mo (sila, O Muhammad na magbalik-loob kay Allah) at

مِن كِتَٰبٍ ۖ وَأُمِرْتُ لِأَعْدِلَ بَيْنَكُمُ ۖ ٱللَّهُ رَبُّنَا وَرَبُّكُمْ ۖ لَنَآ أَعْمَٰلُنَا وَلَكُمْ أَعْمَٰلُكُمْ ۖ لَا حُجَّةَ بَيْنَنَا وَبَيْنَكُمُ ۖ ٱللَّهُ يَجْمَعُ بَيْنَنَا ۖ وَإِلَيْهِ ٱلْمَصِيرُ ﴿١٥﴾

ikaw ay manatili sa tamang landas sa paraang ikaw ay pinag-utusan at huwag mong sundin ang kanilang mga kinikilingan, bagkus, ikaw ay magbadya: "Ako ay nananalig sa anumang Aklat na ipinahayag ni Allah (ang Qur'an na ito, at ang mga Aklat ng *Torah* noon pang una, at ang Ebanghelyo o ang mga Kalatas ni Abraham), at ako ay pinag-utusan na maging makatarungan sa inyo. Si Allah ang aming Panginoon at inyong Panginoon. Sa amin (ang pananagutan) ng aming mga gawa at sa inyo ang (pananagutan ng) inyong mga gawa. Walang pagtatalo sa pagitan natin. Si Allah ang magtitipon sa atin at sa Kanya ang ating Huling Pagbabalik.

وَٱلَّذِينَ يُحَآجُّونَ فِى ٱللَّهِ مِنۢ بَعْدِ مَا ٱسْتُجِيبَ لَهُۥ حُجَّتُهُمْ دَاحِضَةٌ عِندَ رَبِّهِمْ وَعَلَيْهِمْ غَضَبٌ وَلَهُمْ عَذَابٌ شَدِيدٌ ﴿١٦﴾

16. At sa mga nagsisipagtalu-talo tungkol kay Allah, matapos na ito ay tanggapin (ng mga tao), walang saysay ang kanilang mga pagtatalu-talo sa Paningin ni Allah, at sasakanila ang Poot, at sa kanila ay sasapit ang Matinding Kaparusahan.

ٱللَّهُ ٱلَّذِىٓ أَنزَلَ ٱلْكِتَٰبَ بِٱلْحَقِّ وَٱلْمِيزَانَ ۗ وَمَا يُدْرِيكَ لَعَلَّ ٱلسَّاعَةَ قَرِيبٌ ﴿١٧﴾

17. Si Allah ang nagpapanaog ng Aklat (Qur'an) sa katotohanan at ng Timbangan (upang maging makatarungan). At ano ang makapagbibigay sa inyo ng kaalaman, na marahil, ang Takdang Oras ay nalalapit na?

يَسْتَعْجِلُ بِهَا ٱلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ بِهَا ۖ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مُشْفِقُونَ مِنْهَا وَيَعْلَمُونَ أَنَّهَا ٱلْحَقُّ ۗ أَلَآ إِنَّ ٱلَّذِينَ يُمَارُونَ فِى ٱلسَّاعَةِ لَفِى ضَلَٰلٍۭ بَعِيدٍ ﴿١٨﴾

18. Sila na hindi nananalig dito ay naghahangad na madaliin ito, datapuwa't ang mga sumasampalataya ay nangangamba rito, at nababatid nila na ito ang sukdol na Katotohanan. Katotohanan, ang mga nagtatalu-talo tungkol sa Takdang Oras ay katiyakang nasa pagkaligaw na malayo.

ٱللَّهُ لَطِيفٌۢ بِعِبَادِهِۦ يَرْزُقُ مَن يَشَآءُ ۖ وَهُوَ ٱلْقَوِىُّ ٱلْعَزِيزُ ﴿١٩﴾

19. Si Allah ang Pinakamapagbigay (Pinakamabuti) sa Kanyang mga alipin; Siya ang nagkakaloob ng ikabubuhay ng sinumang Kanyang maibigan, at Siya ay Tigib ng Lakas, ang Sukdol sa Kapangyarihan.

مَن كَانَ يُرِيدُ حَرْثَ ٱلْءَاخِرَةِ نَزِدْ لَهُۥ فِى حَرْثِهِۦ ۖ وَمَن كَانَ يُرِيدُ حَرْثَ ٱلدُّنْيَا نُؤْتِهِۦ مِنْهَا وَمَا لَهُۥ فِى ٱلْءَاخِرَةِ مِن نَّصِيبٍ ﴿٢٠﴾

20. Sinumang magnais (sa pamamagitan ng kanyang mga gawa) ng gantimpala ng Kabilang Buhay, Kami ang magbibigay ng dagdag sa kanyang gantimpala, at sinumang magnais ng

gantimpala sa mundong ito (sa pamamagitan ng kanyang mga gawa), ibibigay din Namin ito sa kanya (kung anuman ang nasusulat sa kanya), datapuwa't siya ay walang magiging bahagi sa Kabilang Buhay.

أَمْ لَهُمْ شُرَكَٰٓؤُا۟ شَرَعُوا۟ لَهُم مِّنَ ٱلدِّينِ مَا لَمْ يَأْذَنۢ بِهِ ٱللَّهُ ۚ وَلَوْلَا كَلِمَةُ ٱلْفَصْلِ لَقُضِىَ بَيْنَهُمْ ۗ وَإِنَّ ٱلظَّٰلِمِينَ لَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٢١﴾

21. Ano! Sila ba ay mayroong mga katambal kay Allah (mga huwad na diyus-diyosan), na nag-atas para sa kanila ng isang relihiyon (pananampalataya) na hindi sinang-ayunan ni Allah? At kung hindi lamang sa Pag-uutos ng Katarungan, ang pangyayari ay malaon nang napagpasiyahan sa pagitan nila. At katotohanan, ang *Zalimun* (mga tampalasan, pagano, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian) ay may kasakit-sakit na kaparusahan.

تَرَى ٱلظَّٰلِمِينَ مُشْفِقِينَ مِمَّا كَسَبُوا۟ وَهُوَ وَاقِعٌۢ بِهِمْ ۚ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ فِى رَوْضَٰتِ ٱلْجَنَّٰتِ ۖ لَهُم مَّا يَشَآءُونَ عِندَ رَبِّهِمْ ۚ ذَٰلِكَ هُوَ ٱلْفَضْلُ ٱلْكَبِيرُ ﴿٢٢﴾

22. Iyong mapagmamalas ang *Zalimun* (mga tampalasan, pagano) sa (Araw ng Paghuhukom) na natatakot sa anumang kanilang kinita (pinagpaguran), at katiyakang (ang bigat ng kaparusahan) ay sasapit sa kanila. Datapuwa't ang mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at nagsisigawa ng kabutihan ay mapapasa-hardin ng mga bulaklak (Paraiso), mapapasakanila ang lahat ng kanilang hilingin sa harapan ng kanilang Panginoon. Katiyakang ito ang Pinakapangunahing Kagandahang-Loob (Paraiso, mula kay Allah).

ذَٰلِكَ ٱلَّذِى يُبَشِّرُ ٱللَّهُ عِبَادَهُ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ ۗ قُل لَّآ أَسْـَٔلُكُمْ عَلَيْهِ أَجْرًا إِلَّا ٱلْمَوَدَّةَ فِى ٱلْقُرْبَىٰ ۗ وَمَن يَقْتَرِفْ حَسَنَةً نَّزِدْ لَهُۥ فِيهَا حُسْنًا ۚ إِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ شَكُورٌ ﴿٢٣﴾

23. Ito ang (Biyaya ng Paraiso) na ibinibigay na magandang balita ni Allah sa Kanyang mga alipin na sumasampalataya (sa Kanyang Kaisahan) at gumagawa ng kabutihan. Ipagbadya (O Muhammad): "Wala akong hinihinging pabuya sa inyo maliban sa pagmamahal (ng tulad) ng mga malalapit na kaanak (alalaong baga, hindi siya nangangailangan ng kayamanan, salapi, atbp. sa kanyang pangangaral ng Islam, datapuwa't siya ay nakikiusap sa kanila na huwag siyang saktan bilang kanilang kaisa sa pamayanan, at siya ay kanilang sundin sa kanyang ipinangangaral). At sinuman ang gumawa ng anumang magandang bagay, igagawad Namin sa kanya ang dagdag na

kabutihan na katumbas nito, katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad at Lagi nang Nagpapahalaga (sa gawa ng mga sumusunod sa Kanya).

أَمْ يَقُولُونَ ٱفْتَرَىٰ عَلَى ٱللَّهِ كَذِبًا ۖ فَإِن يَشَإِ ٱللَّهُ يَخْتِمْ عَلَىٰ قَلْبِكَ ۗ وَيَمْحُ ٱللَّهُ ٱلْبَٰطِلَ وَيُحِقُّ ٱلْحَقَّ بِكَلِمَٰتِهِۦٓ ۚ إِنَّهُۥ عَلِيمٌۢ بِذَاتِ ٱلصُّدُورِ ﴿٢٤﴾

24. O sila ba ay nagsasabi: "Siya ay kumatha lamang ng kasinungalingan laban kay Allah?" Datapuwa't kung naisin ni Allah ay magagawa Niyang takpan ang iyong puso (upang iyong makalimutan ang lahat mong nalalaman tungkol sa Qur'an). Si Allah ang pumapalis sa kasinungalingan at nagtitindig sa Katotohanan (ng Islam) sa pamamagitan ng Kanyang Salita (Qur'an). Katotohanang ganap Niyang talastas ang (mga lihim) na nasa dibdib (ng mga tao).

وَهُوَ ٱلَّذِى يَقْبَلُ ٱلتَّوْبَةَ عَنْ عِبَادِهِۦ وَيَعْفُوا۟ عَنِ ٱلسَّيِّـَٔاتِ وَيَعْلَمُ مَا تَفْعَلُونَ ﴿٢٥﴾

25. At Siya ang tumatanggap sa pagtitika ng Kanyang mga alipin, at nagpapatawad ng mga kasalanan, at batid Niya ang inyong ginagawa.

وَيَسْتَجِيبُ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ وَيَزِيدُهُم مِّن فَضْلِهِۦ ۚ وَٱلْكَٰفِرُونَ لَهُمْ عَذَابٌ شَدِيدٌ ﴿٢٦﴾

26. At Siya ang dumirinig (sa mga panalangin) ng mga sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at nagsisigawa ng kabutihan; at Siya ang nagdaragdag sa kanila ng Kanyang biyaya, datapuwa't sa mga hindi sumasampalataya, sasakanila ang kasakit-sakit na kaparusahan.

۞ وَلَوْ بَسَطَ ٱللَّهُ ٱلرِّزْقَ لِعِبَادِهِۦ لَبَغَوْا۟ فِى ٱلْأَرْضِ وَلَٰكِن يُنَزِّلُ بِقَدَرٍ مَّا يَشَآءُ ۚ إِنَّهُۥ بِعِبَادِهِۦ خَبِيرٌۢ بَصِيرٌ ﴿٢٧﴾

27. At kung naisin ni Allah na pasaganahin ang Kanyang biyaya sa Kanyang mga alipin, katiyakang sila ay lalampas sa lahat ng hangganan ng pagsuway dito sa kalupaan; datapuwa't ipinaaabot Niya ito sa ganap na sukat sa sinumang Kanyang mapusuan. Katotohanan! Siya ang Ganap na Nakakaalam, ang Ganap na Nakamamasid (sa bagay ng kapakinabangan) ng Kanyang mga alipin.

وَهُوَ ٱلَّذِى يُنَزِّلُ ٱلْغَيْثَ مِنۢ بَعْدِ مَا قَنَطُوا۟ وَيَنشُرُ رَحْمَتَهُۥ ۚ وَهُوَ ٱلْوَلِىُّ ٱلْحَمِيدُ ﴿٢٨﴾

28. At Siya ang nagpapamalisbis ng ulan (kahima't) ang (mga tao) ay nawalan na nang lahat ng pag-asa at nagpapamudmod ng Kanyang habag (nang malayo at malawak). At Siya ang *Wali* (Tagapangalaga, Tagapanustos, Tagapagtaguyod), ang Karapat-dapat sa Lahat ng mga Pagpupuri.

وَمِنْ ءَايَٰتِهِۦ خَلْقُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَمَا بَثَّ فِيهِمَا مِن دَآبَّةٍ ۚ وَهُوَ عَلَىٰ جَمْعِهِمْ إِذَا يَشَآءُ قَدِيرٌ ﴿٢٩﴾

29. At ang ilan sa Kanyang *Ayat* (mga tanda, katibayan, aral, kapahayagan) ay ang paglikha sa kalangitan at kalupaan at kung anuman ang Kanyang ikinalat na mga nilikha sa kalawakan

nito; at Siya ang may kapangyarihan na tipunin sila nang sama-sama (alalaong baga, ang muli silang ibangon matapos ang kanilang kamatayan sa Araw ng Muling Pagkabuhay) kailanma't Kanyang naisin.

وَمَآ أَصَٰبَكُم مِّن مُّصِيبَةٍ فَبِمَا كَسَبَتْ أَيْدِيكُمْ وَيَعْفُواْ عَن كَثِيرٍ ﴿٣٠﴾

30. At anumang kamalasan ang sumapit sa inyo; ito ay dahilan sa anumang kinita ng inyong mga kamay at (sa maraming kasalanan), Siya ay labis na nagpapatawad.

وَمَآ أَنتُم بِمُعْجِزِينَ فِى ٱلْأَرْضِ وَمَا لَكُم مِّن دُونِ ٱللَّهِ مِن وَلِىٍّ وَلَا نَصِيرٍ ﴿٣١﴾

31. At kayo ay hindi makatatalilis sa kalupaan (alalaong baga, sa Kanyang kaparusahan), at maliban kay Allah, kayo ay wala ng ibang *Wali* (Tagapangalaga, Tagapagtaguyod), gayundin ng katulong.

وَمِنْ ءَايَٰتِهِ ٱلْجَوَارِ فِى ٱلْبَحْرِ كَٱلْأَعْلَٰمِ ﴿٣٢﴾

32. At ang ilan sa Kanyang mga Tanda ay ang mga barko, na makinis na naglalayag sa karagatan, na waring mga bundok.

إِن يَشَأْ يُسْكِنِ ٱلرِّيحَ فَيَظْلَلْنَ رَوَاكِدَ عَلَىٰ ظَهْرِهِۦٓ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَٰتٍ لِّكُلِّ صَبَّارٍ شَكُورٍ ﴿٣٣﴾

33. Kung Kanyang naisin, magagawa Niyang patigilin ang hangin, sa gayon, ang mga ito ay hindi makagagalaw sa kanilang tiyan (na nakasayad sa dagat). Katotohanan, naririto ang mga Tanda sa sinumang matimtiman (matiyaga) at may loob ng pasasalamat.

أَوْ يُوبِقْهُنَّ بِمَا كَسَبُواْ وَيَعْفُ عَن كَثِيرٍ ﴿٣٤﴾

34. O magagawa Niyang wasakin sila (sa pagkalunod) dahilan sa (kasamaan) na kanilang ginawa at (sa mga kasalanan), Siya ay labis na nagpapatawad.

وَيَعْلَمَ ٱلَّذِينَ يُجَٰدِلُونَ فِىٓ ءَايَٰتِنَا مَا لَهُم مِّن مَّحِيصٍ ﴿٣٥﴾

35. At sila (mga pagano, mapagsamba sa maraming diyus-diyosan) na nagsisipagtalu-talo tungkol sa Aming *Ayat* (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral) ay makakaalam na wala silang lugar na matatakasan (upang maligtas sa kaparusahan ni Allah).

فَمَآ أُوتِيتُم مِّن شَىْءٍ فَمَتَٰعُ ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا ۖ وَمَا عِندَ ٱللَّهِ خَيْرٌ وَأَبْقَىٰ لِلَّذِينَ ءَامَنُواْ وَعَلَىٰ رَبِّهِمْ يَتَوَكَّلُونَ ﴿٣٦﴾

36. Kaya't ang anumang bagay na sa inyo ay ipinagkaloob, ito ay isa lamang nagdaang kasiyahan sa makamundong buhay na ito, datapuwat kung ano ang (nakalaan) mula kay Allah (alalaong baga, ang Paraiso) ay higit na mainam at nagtatagal sa mga sumampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at nagbibigay ng kanilang pagtitiwala sa kanilang Panginoon (sa lahat ng pangyayari sa kanilang buhay).

وَٱلَّذِينَ يَجْتَنِبُونَ كَبَٰٓئِرَ ٱلْإِثْمِ وَٱلْفَوَٰحِشَ وَإِذَا مَا غَضِبُوا۟ هُمْ يَغْفِرُونَ ﴿٣٧﴾

37. Sila na umiiwas sa malaking kasalanan at mga kalaswaan, at kung sila ay nagagalit ay nagpapatawad;

وَٱلَّذِينَ ٱسْتَجَابُوا۟ لِرَبِّهِمْ وَأَقَامُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ وَأَمْرُهُمْ شُورَىٰ بَيْنَهُمْ وَمِمَّا رَزَقْنَٰهُمْ يُنفِقُونَ ﴿٣٨﴾

38. At sila na dumirinig sa panawagan ng kanilang Panginoon at nagsasagawa ng *Salah* (takdang pagdarasal), at namamatnugot sa kanilang kapakanan sa pamamagitan ng magkapanabay na pagsasanggunian; at gumugugol (sa kawanggawa) sa anumang ipinagkaloob Namin sa kanila;

وَٱلَّذِينَ إِذَآ أَصَابَهُمُ ٱلْبَغْىُ هُمْ يَنتَصِرُونَ ﴿٣٩﴾

39. At sila, na kung ang pang-aapi ay gawin sa kanila, (ay hindi naduduwag at) nagtutulungan upang ipagtanggol ang kanilang sarili.

وَجَزَٰٓؤُا۟ سَيِّئَةٍ سَيِّئَةٌ مِّثْلُهَا ۖ فَمَنْ عَفَا وَأَصْلَحَ فَأَجْرُهُۥ عَلَى ٱللَّهِ ۚ إِنَّهُۥ لَا يُحِبُّ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٤٠﴾

40. At ang kabayaran (sukli) sa isang kasamaan ay isang kasamaan din na katulad nito, datapuwa't sinumang magpatawad at makipagkasundo, ang kanyang gantimpala ay mula kay Allah; sapagkat si Allah ay hindi nagmamahal sa *Zalimun* (mga tampalasan, buhong, buktot, mapang-api, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian).

وَلَمَنِ ٱنتَصَرَ بَعْدَ ظُلْمِهِۦ فَأُو۟لَٰٓئِكَ مَا عَلَيْهِم مِّن سَبِيلٍ ﴿٤١﴾

41. At katotohanan, kung sinuman ang maghiganti (at magtanggol) ng kanyang sarili makaraang siya ay gawan ng kasamaan (o kamalian), ito ay hindi kasalanan at walang maisusumbat laban sa kanila.

إِنَّمَا ٱلسَّبِيلُ عَلَى ٱلَّذِينَ يَظْلِمُونَ ٱلنَّاسَ وَيَبْغُونَ فِى ٱلْأَرْضِ بِغَيْرِ ٱلْحَقِّ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٤٢﴾

42. Ang sanhi (dahilan o layunin) ay laban lamang (doon) sa kanya na nang-aapi (o gumagawa ng kamalian) sa mga tao at tandisang nagmamalabis sa lahat ng hangganan ng pagsuway sa kalupaan (na yumuyurak sa katuwiran at katarungan); sasakanila ang kasakit-sakit na kaparusahan.

وَلَمَن صَبَرَ وَغَفَرَ إِنَّ ذَٰلِكَ لَمِنْ عَزْمِ ٱلْأُمُورِ ﴿٤٣﴾

43. Datapuwa't katiyakan, kung sinuman ang magpamalas ng pagtitiyaga at magpatawad, walang pagsala na ito ang bagay na ikinalulugod ni Allah.

وَمَن يُضْلِلِ ٱللَّهُ فَمَا لَهُۥ مِن وَلِىٍّ مِّنۢ بَعْدِهِۦ ۗ وَتَرَى ٱلظَّٰلِمِينَ لَمَّا رَأَوُا۟ ٱلْعَذَابَ يَقُولُونَ هَلْ إِلَىٰ مَرَدٍّ مِّن سَبِيلٍ ﴿٤٤﴾

44. At sinumang naisin ni Allah na maligaw, walang sinumang *Wali* (Tagapangalaga) ang sasakanya maliban sa Kanya (Allah). At iyong mapagmamalas ang *Zalimun* (mga tampasalan, mapaggawa ng kamalian, mapagsamba sa mga

diyus-diyosan), kung kanilang mamasdan ang kaparusahan, ay magsasabi: "Mayroon baga kayang paraan upang makabalik (sa kalupaan)?"

وَتَرَىٰهُمْ يُعْرَضُونَ عَلَيْهَا خَٰشِعِينَ مِنَ ٱلذُّلِّ يَنظُرُونَ مِن طَرْفٍ خَفِيٍّ ۗ وَقَالَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِنَّ ٱلْخَٰسِرِينَ ٱلَّذِينَ خَسِرُوٓا۟ أَنفُسَهُمْ وَأَهْلِيهِمْ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ ۗ أَلَآ إِنَّ ٱلظَّٰلِمِينَ فِى عَذَابٍ مُّقِيمٍ ﴿٤٥﴾

45. At inyong mapagmamalas sila na itatambad (sa Impiyerno), na kaaba-aba sa kawalan ng dangal, at nagsisitingin nang panakaw. At ang mga sumasampalataya ay magsasabi: "Katotohanan, ang mga talunan ay sila na nagpalungi ng kanilang sarili at kanilang pamilya sa Araw ng Muling Pagkabuhay. Pagmasdan! Ang *Zalimun* (mga tampalasan, mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian) ay nasa walang hanggang kaparusahan!"

وَمَا كَانَ لَهُم مِّنْ أَوْلِيَآءَ يَنصُرُونَهُم مِّن دُونِ ٱللَّهِ ۗ وَمَن يُضْلِلِ ٱللَّهُ فَمَا لَهُۥ مِن سَبِيلٍ ﴿٤٦﴾

46. At walang sinumang tagapangalaga ang makatutulong sa kanila maliban kay Allah. At sinuman na hinayaan ni Allah na maligaw, sa kanya ay walang paraan.

ٱسْتَجِيبُوا۟ لِرَبِّكُم مِّن قَبْلِ أَن يَأْتِىَ يَوْمٌ لَّا مَرَدَّ لَهُۥ مِنَ ٱللَّهِ ۚ مَا لَكُم مِّن مَّلْجَإٍ يَوْمَئِذٍ وَمَا لَكُم مِّن نَّكِيرٍ ﴿٤٧﴾

47. Magsipakinig kayo sa panawagan ng inyong Panginoon (alalaong baga, tanggapin ninyo ang Islam, ang Kaisahan ni Allah, O kayo na mga tao at mga *Jinn*) bago dumatal sa inyo ang Araw na hindi na maaantala (sa pag-uutos) ni Allah! Wala kayong pagtataguan (sa kaligtasan) sa Araw na ito at gayundin naman ay hindi ninyo maipagkakaila (ang inyong mga kasalanan na nakasulat na lahat sa Talaan ng inyong mga gawa).

فَإِنْ أَعْرَضُوا۟ فَمَآ أَرْسَلْنَٰكَ عَلَيْهِمْ حَفِيظًا ۖ إِنْ عَلَيْكَ إِلَّا ٱلْبَلَٰغُ ۗ وَإِنَّآ إِذَآ أَذَقْنَا ٱلْإِنسَٰنَ مِنَّا رَحْمَةً فَرِحَ بِهَا ۖ وَإِن تُصِبْهُمْ سَيِّئَةٌۢ بِمَا قَدَّمَتْ أَيْدِيهِمْ فَإِنَّ ٱلْإِنسَٰنَ كَفُورٌ ﴿٤٨﴾

48. Nguni't kung sila ay magsitalikod (O Muhammad, sa Islam), ikaw ay hindi Namin isinugo upang maging tagapangalaga (tagapamahala) sa kanila. Ang iyo lamang tungkulin ay upang iparating (ang Kapahayagan). At katotohanan, nang Aming gawaran ang tao na malasap ang Habag mula sa Amin, siya ay nagagalak dito; datapuwa't kung ang ilang kahirapan ay sumapit sa kanila dahilan sa masamang ginawa ng kanilang kamay, katiyakan na ang tao ay walang utang na loob ng pasasalamat!

لِلَّهِ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ يَخْلُقُ مَا يَشَآءُ ۚ يَهَبُ لِمَن يَشَآءُ إِنَٰثًا وَيَهَبُ لِمَن

49. Kay Allah ang pag-aangkin ng kapamahalaan ng kalangitan at kalupaan. Lumilikha Siya ng Kanyang maibigan. Siya ang

nagkakaloob (ng mga anak), lalaki man o babae ayon sa Kanyang kapasiyahan,

يَشَآءُ ٱلذُّكُورَ ﴿٤٩﴾

50. O Siya ang nagkakaloob ng kapwa lalaki at babae, at hinahayaan Niyang mabaog ang sinumang Kanyang naisin; Katotohanang Siya ay Puspos ng Kaalaman at may Kapangyarihan sa lahat ng bagay.

أَوْ يُزَوِّجُهُمْ ذُكْرَانًا وَإِنَٰثًا ۖ وَيَجْعَلُ مَن يَشَآءُ عَقِيمًا ۚ إِنَّهُۥ عَلِيمٌ قَدِيرٌ ﴿٥٠﴾

51. Hindi isang katampatan sa sinumang tao na si Allah ay makipag-usap sa kanya maliban (lamang) sa pamamagitan ng inspirasyon, o sa likod ng lambong, o Siya ay magsusugo ng isang Sugo upang ipahayag Niya ang Kanyang layon sa Kanyang nais. Katotohanang Siya ang Kataas-taasan, ang Tigib ng Karunungan.

۞ وَمَا كَانَ لِبَشَرٍ أَن يُكَلِّمَهُ ٱللَّهُ إِلَّا وَحْيًا أَوْ مِن وَرَآئِ حِجَابٍ أَوْ يُرْسِلَ رَسُولًا فَيُوحِىَ بِإِذْنِهِۦ مَا يَشَآءُ ۚ إِنَّهُۥ عَلِىٌّ حَكِيمٌ ﴿٥١﴾

52. At sa gayon ay Aming ipinadala sa iyo (O Muhammad) ang isang inspirasyon (at Habag) mula sa Aming pag-uutos. Hindi mo nababatid kung ano ang Aklat, gayundin kung ano ang Pananampalataya? Datapuwa't ginawa Namin ito (Qur'an) bilang isang Liwanag upang Aming mapatnubayan ang sinuman sa Aming alipin na Aming mapusuan. At katotohanang ikaw (O Muhammad) ay katunayang namamatnubay (sa sangkatauhan) sa Tuwid na Landas (alalaong baga, sa Islam at sa Kaisahan ni Allah),

وَكَذَٰلِكَ أَوْحَيْنَآ إِلَيْكَ رُوحًا مِّنْ أَمْرِنَا ۚ مَا كُنتَ تَدْرِى مَا ٱلْكِتَٰبُ وَلَا ٱلْإِيمَٰنُ وَلَٰكِن جَعَلْنَٰهُ نُورًا نَّهْدِى بِهِۦ مَن نَّشَآءُ مِنْ عِبَادِنَا ۚ وَإِنَّكَ لَتَهْدِىٓ إِلَىٰ صِرَٰطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿٥٢﴾

53. Sa Landas ni Allah, na Siyang nag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan. Katotohanan, ang lahat ng mga pangyayari ay nasa (pagpapasya) ni Allah.

صِرَٰطِ ٱللَّهِ ٱلَّذِى لَهُۥ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ ۗ أَلَآ إِلَى ٱللَّهِ تَصِيرُ ٱلْأُمُورُ ﴿٥٣﴾

Surah 43

Surat Az-Zukhruf
(Mga Palamuting Ginto)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ha, Mim. (Mga titik Ha, Ma. Ito ay isa sa mga milagro ng Qur'an at tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

حمٓ ﴿١﴾

2. Ako (Allah) ay nanunumpa sa maliwanag na Aklat (ang Qur'an).

وَٱلْكِتَٰبِ ٱلْمُبِينِ ﴿٢﴾

3. Katotohanang Aming ginawa ang Qur'an sa (wikang) Arabik upang inyong maunawaan (ang kahulugan nito at mga paala-ala).

إِنَّا جَعَلْنَٰهُ قُرْءَٰنًا عَرَبِيًّا لَّعَلَّكُمْ تَعْقِلُونَ ﴿٣﴾

4. At katotohanang ito (Qur'an) ay nasa Ina ng Aklat (*Al-Lauh Al-Mahfuz*) na nasa Amin, at katiyakang Mataas sa Karangalan at Tigib sa Karunungan.

وَإِنَّهُۥ فِىٓ أُمِّ ٱلْكِتَٰبِ لَدَيْنَا لَعَلِىٌّ حَكِيمٌ ﴿٤﴾

5. Kaya't Amin bagang ibabaling nang palayo ang mensahe (Qur'an), na nagwawalang-bahala sa inyo sapagkat kayo ay mga tao na lumampas sa lahat ng hangganan (ng pagsuway bilang mga mapagsamba sa mga diyus-diyosan, pagano, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah at sa Kanyang Sugong si Muhammad)?

أَفَنَضْرِبُ عَنكُمُ ٱلذِّكْرَ صَفْحًا أَن كُنتُمْ قَوْمًا مُّسْرِفِينَ ﴿٥﴾

6. At ilan na nga ba ang propeta na Aming isinugo sa mga tao noon pang una.

وَكَمْ أَرْسَلْنَا مِن نَّبِىٍّ فِى ٱلْأَوَّلِينَ ﴿٦﴾

7. At walang sinumang propeta ang dumatal sa kanila na hindi nila pinagtawanan at tinuya.

وَمَا يَأْتِيهِم مِّن نَّبِىٍّ إِلَّا كَانُوا۟ بِهِۦ يَسْتَهْزِءُونَ ﴿٧﴾

8. Kaya't Aming winasak ang mga tao, na higit ang lakas kaysa rito; at ito ang halimbawa ng mga pumanaw na noon pang una (bago pa sa kanila).

فَأَهْلَكْنَآ أَشَدَّ مِنْهُم بَطْشًا وَمَضَىٰ مَثَلُ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿٨﴾

9. At katiyakang kung sila ay iyong tatanungin: "Sino ang lumikha ng kalangitan at kalupaan?" Tunay nga nilang sasabihin: "(Si Allah) ang

وَلَئِن سَأَلْتَهُم مَّنْ خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ لَيَقُولُنَّ خَلَقَهُنَّ ٱلْعَزِيزُ ٱلْعَلِيمُ ﴿٩﴾

Sukdol sa Kapangyarihan, ang Puspos ng Kaalaman",

10. Na Siyang lumikha sa kalupaan na tila higaan (nakalatag), at gumawa sa inyo rito ng mga daan upang kayo ay mapatnubayan.

11. At (Siya) na nagpapamalisbis (sa tuwi-tuwina) ng ulan mula sa alapaap sa ganap na sukat; at sa pamamagitan nito ay Aming pinasigla (sa pagkabuhay) ang lupaing tigang; sa gayunding paraan, kayo ay ibabangon (mula sa mga patay),

12. At Siyang lumikha ng lahat ng bagay na may kapares, at gumawa sa inyo ng mga barko at hayupan na inyong masasakyan,

13. Upang kayo ay makapirmi (nang matatag at lapat) sa kanilang likod, at inyong maala-ala ang (magandang) biyaya ng inyong Panginoon kung kayo ay nakaupo na rito at makapagsabi: "Luwalhatiin Siya na nagbigay sa mga ito na mapailalim sa aming kapamahalaan para sa aming (gamit), sapagkat ito ay hindi namin kailanman makakamtan (sa pamamagitan lamang ng aming mga gawa),

14. At katotohanang sa Aming Panginoon, katiyakang kami ay magbabalik!"

15. Datapuwa't sila ay nag-aakibat sa ilan sa Kanyang mga alipin ng katambal sa Kanya (sa pagsasabi na Siya ay may anak o mga supling at nagtuturing sa kanila bilang mga karibal sa pagsamba sa Kanya). Katotohanan, ang tao ay maliwanag na walang pasasalamat!

16. (Ano)! Siya ba ay kumuha mula sa lipon ng Kanyang mga nilikha ng mga anak na babae, at pumili para sa inyo ng mga anak na lalaki?

17. At kung ang isa sa kanila ay makatanggap ng mabuting balita (alalaong baga, ang pagsilang ng isang batang babae) na kanilang iniaakibat sa Pinakamaawain (Allah), ang kanyang mukha ay nagdidilim (nalulumbay), at siya ay napupuspos ng kapighatian!

18. (Inihahalintulad baga nila kay Allah) ang isang nilikha na pinalaki sa pagsusuot ng mga palamuti (alalaong baga, ang mga babae), na sa

ٱلَّذِى جَعَلَ لَكُمُ ٱلْأَرْضَ مَهْدًا وَجَعَلَ لَكُمْ فِيهَا سُبُلًا لَّعَلَّكُمْ تَهْتَدُونَ ﴿١٠﴾

وَٱلَّذِى نَزَّلَ مِنَ ٱلسَّمَآءِ مَآءًۢ بِقَدَرٍ فَأَنشَرْنَا بِهِۦ بَلْدَةً مَّيْتًا ۚ كَذَٰلِكَ تُخْرَجُونَ ﴿١١﴾

وَٱلَّذِى خَلَقَ ٱلْأَزْوَٰجَ كُلَّهَا وَجَعَلَ لَكُم مِّنَ ٱلْفُلْكِ وَٱلْأَنْعَٰمِ مَا تَرْكَبُونَ ﴿١٢﴾

لِتَسْتَوُۥا۟ عَلَىٰ ظُهُورِهِۦ ثُمَّ تَذْكُرُوا۟ نِعْمَةَ رَبِّكُمْ إِذَا ٱسْتَوَيْتُمْ عَلَيْهِ وَتَقُولُوا۟ سُبْحَٰنَ ٱلَّذِى سَخَّرَ لَنَا هَٰذَا وَمَا كُنَّا لَهُۥ مُقْرِنِينَ ﴿١٣﴾

وَإِنَّآ إِلَىٰ رَبِّنَا لَمُنقَلِبُونَ ﴿١٤﴾

وَجَعَلُوا۟ لَهُۥ مِنْ عِبَادِهِۦ جُزْءًا ۚ إِنَّ ٱلْإِنسَٰنَ لَكَفُورٌ مُّبِينٌ ﴿١٥﴾

أَمِ ٱتَّخَذَ مِمَّا يَخْلُقُ بَنَاتٍ وَأَصْفَىٰكُم بِٱلْبَنِينَ ﴿١٦﴾

وَإِذَا بُشِّرَ أَحَدُهُم بِمَا ضَرَبَ لِلرَّحْمَٰنِ مَثَلًا ظَلَّ وَجْهُهُۥ مُسْوَدًّا وَهُوَ كَظِيمٌ ﴿١٧﴾

أَوَمَن يُنَشَّؤُا۟ فِى ٱلْحِلْيَةِ وَهُوَ فِى ٱلْخِصَامِ غَيْرُ مُبِينٍ ﴿١٨﴾

isang pagtatalo ay hindi makapagbigay nang malinaw na pagsusulit sa kanyang sarili?

وَجَعَلُوا۟ ٱلْمَلَٰٓئِكَةَ ٱلَّذِينَ هُمْ عِبَٰدُ ٱلرَّحْمَٰنِ إِنَٰثًا ۚ أَشَهِدُوا۟ خَلْقَهُمْ ۚ سَتُكْتَبُ شَهَٰدَتُهُمْ وَيُسْـَٔلُونَ ﴿١٩﴾

19. At itinuturing nila ang mga anghel na alipin ng Pinakamahabagin (Allah) bilang mga babae. Napagmalas ba nila ang kanilang pagkalikha? Ang kanilang patotoo ay itatala, at sila ay tatanungin upang magsulit!

وَقَالُوا۟ لَوْ شَآءَ ٱلرَّحْمَٰنُ مَا عَبَدْنَٰهُم ۗ مَّا لَهُم بِذَٰلِكَ مِنْ عِلْمٍ ۖ إِنْ هُمْ إِلَّا يَخْرُصُونَ ﴿٢٠﴾

20. At sila ay nagsasabi: "Kung ito ang naging Kalooban ng Pinakamahabagin (Allah), hindi sana natin sinamba (ang huwad na mga diyus-diyosan). Sa ganito, sila ay walang anumang kaalaman! Wala silang ginagawa kundi ang kasinungalingan!

أَمْ ءَاتَيْنَٰهُمْ كِتَٰبًا مِّن قَبْلِهِۦ فَهُم بِهِۦ مُسْتَمْسِكُونَ ﴿٢١﴾

21. O sila ba ay binigyan Namin ng Aklat na una pa (kaysa) rito (alalaong baga, ang Qur'an), na kanilang sinusunod?

بَلْ قَالُوٓا۟ إِنَّا وَجَدْنَآ ءَابَآءَنَا عَلَىٰٓ أُمَّةٍ وَإِنَّا عَلَىٰٓ ءَاثَٰرِهِم مُّهْتَدُونَ ﴿٢٢﴾

22. Bagkus, sila ay nagsasabi: "Natagpuan namin ang aming mga ninuno sa isang relihiyon (paniniwala), at kami (na sumusunod) sa kanilang mga yapak (ay matuwid) na napapatnubayan."

وَكَذَٰلِكَ مَآ أَرْسَلْنَا مِن قَبْلِكَ فِى قَرْيَةٍ مِّن نَّذِيرٍ إِلَّا قَالَ مُتْرَفُوهَآ إِنَّا وَجَدْنَآ ءَابَآءَنَا عَلَىٰٓ أُمَّةٍ وَإِنَّا عَلَىٰٓ ءَاثَٰرِهِم مُّقْتَدُونَ ﴿٢٣﴾

23. At gayundin naman, Kami ay hindi nagsugo ng isang Tagapagbabala na una pa sa iyo (O Muhammad) sa anumang bayan (pamayanan), na ang mga maalwan sa lipon nila ay hindi nagsabi ng ganito: "Katotohanang natagpuan namin ang aming mga ninuno sa isang relihiyon (pananalig o paniniwal), at kami sa kanilang mga yapak ay sumusunod. "

قَٰلَ أَوَلَوْ جِئْتُكُم بِأَهْدَىٰ مِمَّا وَجَدتُّمْ عَلَيْهِ ءَابَآءَكُمْ ۖ قَالُوٓا۟ إِنَّا بِمَآ أُرْسِلْتُم بِهِۦ كَٰفِرُونَ ﴿٢٤﴾

24. (Ang tagapagbabala) ay nagsabi: "Kahit na magdala ako sa inyo nang higit na mainam na patnubay kaysa sa natagpuan ninyong sinusunod ng inyong mga ninuno?" Sila ay nagsabi: "Katotohanang kami ay hindi nananalig sa mga bagay na ipinadala sa iyo."

فَٱنتَقَمْنَا مِنْهُمْ ۖ فَٱنظُرْ كَيْفَ كَانَ عَٰقِبَةُ ٱلْمُكَذِّبِينَ ﴿٢٥﴾

25. Kaya't Kami ay gumanti sa kanila, ngayon, inyong pagmasdan kung ano ang kinahinatnan ng mga nagtakwil (sa katotohanan, sa Islam at sa Kaisahan ni Allah)!

وَإِذْ قَالَ إِبْرَٰهِيمُ لِأَبِيهِ وَقَوْمِهِۦٓ إِنَّنِى بَرَآءٌ مِّمَّا تَعْبُدُونَ ﴿٢٦﴾

26. At (banggitin, O Muhammad) nang si Abraham ay nagsabi sa kanyang ama at sa kanyang pamayanan: "Katotohanang ako ay

walang kinalaman sa anumang inyong sinasamba,

إِلَّا ٱلَّذِى فَطَرَنِى فَإِنَّهُۥ سَيَهْدِينِ ﴿٢٧﴾

27. Maliban sa Kanya na lumikha sa akin, at walang pagsala na ako ay Kanyang gagabayan."

وَجَعَلَهَا كَلِمَةًۢ بَاقِيَةً فِى عَقِبِهِۦ لَعَلَّهُمْ يَرْجِعُونَ ﴿٢٨﴾

28. At iniwan niya ang Salita (*La ilaha ill Allah*, [Wala ng iba pang Diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah]), na mananatili sa kanyang mga lahi na susunod sa kanya, upang sila ay magsipagbalik-loob sa pagsisisi (at tumanggap ng paala-ala mula kay Allah).

بَلْ مَتَّعْتُ هَٰٓؤُلَآءِ وَءَابَآءَهُمْ حَتَّىٰ جَآءَهُمُ ٱلْحَقُّ وَرَسُولٌ مُّبِينٌ ﴿٢٩﴾

29. Datapuwa't Ako (Allah) ay nagbigay ng kasiyahan sa kanila (mga tao ng Makkah) at sa kanilang mga ninuno (mga saling-lahi ni Abraham), hanggang sa dumatal sa kanila ang Katotohanan (Qur'an), at isang lantad na Sugo (Muhammad).

وَلَمَّا جَآءَهُمُ ٱلْحَقُّ قَالُوا۟ هَٰذَا سِحْرٌ وَإِنَّا بِهِۦ كَٰفِرُونَ ﴿٣٠﴾

30. At nang ang Katotohanan (Qur'an) ay dumatal sa kanila, ang (mga hindi naniniwala sa Qur'an) ay nagsabi: "Ito ay isang salamangka, at kami ay hindi naniniwala rito."

وَقَالُوا۟ لَوْلَا نُزِّلَ هَٰذَا ٱلْقُرْءَانُ عَلَىٰ رَجُلٍ مِّنَ ٱلْقَرْيَتَيْنِ عَظِيمٍ ﴿٣١﴾

31. At sila ay nagsasabi: "Bakit kaya ang Qur'an na ito ay hindi ipinanaog sa ilang dakilang lalaki ng dalawang bayan (Makkah at Taif)?

أَهُمْ يَقْسِمُونَ رَحْمَتَ رَبِّكَ ۚ نَحْنُ قَسَمْنَا بَيْنَهُم مَّعِيشَتَهُمْ فِى ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا ۚ وَرَفَعْنَا بَعْضَهُمْ فَوْقَ بَعْضٍ دَرَجَٰتٍ لِّيَتَّخِذَ بَعْضُهُم بَعْضًا سُخْرِيًّا ۗ وَرَحْمَتُ رَبِّكَ خَيْرٌ مِّمَّا يَجْمَعُونَ ﴿٣٢﴾

32. Sila baga ang naghahati-hati sa Habag ng iyong Panginoon? Kami (Allah) ang naghahati-hati sa gitna nila ng kanilang ikabubuhay sa mundong ito, at Aming itinaas ang ilan sa kanila nang higit sa iba sa antas (ng ranggo, hanay o katatayuan), upang magamit nila ang bawa't isa sa paninilbihan (o pagtutulungan sa gawain, hanapbuhay, atbp.). Datapuwa't ang Habag ng iyong Panginoon (O Muhammad) ay higit na mainam kaysa sa kayamanan ng mundong ito na kanilang tinitipon.

وَلَوْلَآ أَن يَكُونَ ٱلنَّاسُ أُمَّةً وَٰحِدَةً لَّجَعَلْنَا لِمَن يَكْفُرُ بِٱلرَّحْمَٰنِ لِبُيُوتِهِمْ سُقُفًا مِّن فِضَّةٍ وَمَعَارِجَ عَلَيْهَا يَظْهَرُونَ ﴿٣٣﴾

33. At kung hindi (lamang) na ang mga tao ay hahantong sa pagiging isang pamayanan (ng mga hindi nananampalataya, alalaong baga, iisipin nila na ang pagiging mapagbigay ni Allah ay tanda ng Kanyang pagsang-ayon at sila ay magmamadali sa kawalan ng pananampalataya

upang magkamit ng kayamanan), Amin sanang pagkakalooban ang mga hindi sumasampalataya sa Pinakamahabagin (Allah) ng pilak na mga bubong para sa kanilang bahay, at (pilak) na mga hagdan upang doon sila ay umakyat,

وَلِبُيُوتِهِمْ أَبْوَٰبًا وَسُرُرًا عَلَيْهَا يَتَّكِـُٔونَ ﴿٣٤﴾

34. At para sa kanilang bahay, - ng mga pintuan at diban (na yari sa pilak) upang doon sila ay humilig,

وَزُخْرُفًا ۚ وَإِن كُلُّ ذَٰلِكَ لَمَّا مَتَٰعُ ٱلْحَيَوٰةِ ٱلدُّنْيَا ۚ وَٱلْـَٔاخِرَةُ عِندَ رَبِّكَ لِلْمُتَّقِينَ ﴿٣٥﴾

35. At gayundin ng mga palamuting ginto. Magkagayunman, ang lahat ng ito (alalaong baga, ang mga bubong, pinto, hagdan, diban, atbp.) ay walang saysay maliban sa isang pagsasaya sa pangkasalukuyang buhay sa mundong ito. At ang Kabilang Buhay sa Paningin ng iyong Panginoon ay para sa *Muttaqun* (mga matutuwid at matimtimang tao na nananampalataya kay Allah).

وَمَن يَعْشُ عَن ذِكْرِ ٱلرَّحْمَٰنِ نُقَيِّضْ لَهُۥ شَيْطَٰنًا فَهُوَ لَهُۥ قَرِينٌ ﴿٣٦﴾

36. At kung sinuman ang tumalikod sa pag-aala-ala sa Pinakamahabagin (Allah), Kami ay nagtalaga sa kanya ng demonyo (Satanas) upang kanyang maging matalik na kasama.

وَإِنَّهُمْ لَيَصُدُّونَهُمْ عَنِ ٱلسَّبِيلِ وَيَحْسَبُونَ أَنَّهُم مُّهْتَدُونَ ﴿٣٧﴾

37. At katotohanan, sila (na mga demonyo) ang humahadlang sa kanila sa Landas (ni Allah), datapuwa't napag-aakala nila na sila ay tunay na napapatnubayan!

حَتَّىٰٓ إِذَا جَآءَنَا قَالَ يَٰلَيْتَ بَيْنِى وَبَيْنَكَ بُعْدَ ٱلْمَشْرِقَيْنِ فَبِئْسَ ٱلْقَرِينُ ﴿٣٨﴾

38. Hanggang nang siya ay sumapit na sa Amin (sa Araw ng Paghuhukom), siya ay magsasabi sa (kanyang masamang kasama): "Sana, ang naging pagitan nating dalawa ay katulad nang pagkakalayo ng Silangan at Kanluran." Gaano (siya) kabuktot na kasama"!

وَلَن يَنفَعَكُمُ ٱلْيَوْمَ إِذ ظَّلَمْتُمْ أَنَّكُمْ فِى ٱلْعَذَابِ مُشْتَرِكُونَ ﴿٣٩﴾

39. At kailanman ay hindi makapagbibigay ng kapakinabangan sa iyo ang Araw na yaon, nang ikaw ay nakagawa ng kamalian, at sa Araw na ito, ikaw (at ang iyong mga masasamang kasama) ay magiging kabahagi sa kaparusahan!

أَفَأَنتَ تُسْمِعُ ٱلصُّمَّ أَوْ تَهْدِى ٱلْعُمْىَ وَمَن كَانَ فِى ضَلَٰلٍ مُّبِينٍ ﴿٤٠﴾

40. Ikaw ba (O Muhammad) ay makagagawa na makarinig ang bingi, o iyong mabigyan ng patnubay ang bulag o siya kaya na namamayagpag sa malaking kamalian?

فَإِمَّا نَذْهَبَنَّ بِكَ فَإِنَّا مِنْهُم مُّنتَقِمُونَ ﴿٤١﴾

41. At kahit na ikaw (O Muhammad) ay Aming kunin (o hindi, sa pamamagitan ng kamatayan),

katotohanang Kami ay maghihiganti laban sa kanila.

42. O (kung) Aming ipamalas sa iyo (o hindi) kung ano ang Aming banta sa kanila, kung gayon, katotohanang Kami ang may ganap na pag-uutos (kapangyarihan) laban sa kanila.

أَوْ نُرِيَنَّكَ ٱلَّذِى وَعَدْنَٰهُمْ فَإِنَّا عَلَيْهِم مُّقْتَدِرُونَ ﴿٤٢﴾

43. Kaya't ikaw ay manangan (O Muhammad) nang taimtim sa kapahayagan na Aming ipinadala sa iyo. Katotohanang ikaw ay nasa isang Tuwid na Landas.

فَٱسْتَمْسِكْ بِٱلَّذِىٓ أُوحِىَ إِلَيْكَ ۖ إِنَّكَ عَلَىٰ صِرَٰطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿٤٣﴾

44. At katotohanan, (ang Qur'an) ay katiyakang Paala-ala sa iyo (O Muhammad) at sa iyong pamayanan (mga Quraish at iyong mga tagasunod); at kayong (lahat) ay tatanungin.

وَإِنَّهُۥ لَذِكْرٌ لَّكَ وَلِقَوْمِكَ ۖ وَسَوْفَ تُسْـَٔلُونَ ﴿٤٤﴾

45. At iyong tanungin (O Muhammad) ang Aming mga Sugo na Aming isinugo nang una pa sa iyo: "Kami (Allah) baga ay nagtalaga ng anumang mga diyos tangi pa sa Pinakamahabagin (Allah) upang sambahin?"

وَسْـَٔلْ مَنْ أَرْسَلْنَا مِن قَبْلِكَ مِن رُّسُلِنَآ أَجَعَلْنَا مِن دُونِ ٱلرَّحْمَٰنِ ءَالِهَةً يُعْبَدُونَ ﴿٤٥﴾

46. At katotohanang isinugo Namin si Moises na taglay ang Aming *Ayat* (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral) kay Paraon at sa kanyang mga pinuno (na nag-aanyaya sa Islam, ang Relihiyon ni Allah). Siya (Moises) ay nagsabi: "Katotohanang ako ay Sugo ng Panginoon ng lahat ng mga nilalang."

وَلَقَدْ أَرْسَلْنَا مُوسَىٰ بِـَٔايَٰتِنَآ إِلَىٰ فِرْعَوْنَ وَمَلَإِيْهِۦ فَقَالَ إِنِّى رَسُولُ رَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٤٦﴾

47. Datapuwa't nang siya (Moises) ay magdala ng Aming *Ayat* (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral) sa kanila, kapagdaka, sila ay nagtawa sa kanila.

فَلَمَّا جَآءَهُم بِـَٔايَٰتِنَآ إِذَا هُم مِّنْهَا يَضْحَكُونَ ﴿٤٧﴾

48. At hindi Kami (Allah) nagpamalas (sa kanila) ng isa mang *Ayah* (tanda), maliban na ito ay nakahihigit kaysa sa naunang *Ayat* (tanda); at Aming sinakmal sila ng kaparusahan upang sila ay tumalikod (sa pagsamba sa mga diyus-diyosan) at magbalik-loob (sa Amin).

وَمَا نُرِيهِم مِّنْ ءَايَةٍ إِلَّا هِىَ أَكْبَرُ مِنْ أُخْتِهَا ۖ وَأَخَذْنَٰهُم بِٱلْعَذَابِ لَعَلَّهُمْ يَرْجِعُونَ ﴿٤٨﴾

49. At sila ay nagsabi (kay Moises): "O ikaw na manggagaway! Tawagan mo ang iyong Panginoon para sa amin ng ayon sa Kanyang kasunduan sa iyo; katotohanang kami ay tatanggap ng patnubay."

وَقَالُوا۟ يَٰٓأَيُّهَ ٱلسَّاحِرُ ٱدْعُ لَنَا رَبَّكَ بِمَا عَهِدَ عِندَكَ إِنَّنَا لَمُهْتَدُونَ ﴿٤٩﴾

50. Datapuwa't nang Aming palisin ang

فَلَمَّا كَشَفْنَا عَنْهُمُ ٱلْعَذَابَ إِذَا هُمْ

kaparusahan sa kanila, pagmasdan, sila ay sumira sa kanilang salita (na sila ay mananampalataya kung Aming ibsan ang kaparusahan sa kanila).

يَنكُثُونَ ﴿٥٠﴾

51. At si Paraon ay tumawag sa kanyang pamayanan na nagsasabi: "O aking pamayanan! Hindi baga ang pamamahala sa Ehipto ay tanging sa akin lamang, at sa mga ilog na nagsisidaloy sa ilalim (ng aking kinatatayuan). Hindi baga ninyo napagmamalas?

وَنَادَىٰ فِرْعَوْنُ فِي قَوْمِهِۦ قَالَ يَٰقَوْمِ أَلَيْسَ لِي مُلْكُ مِصْرَ وَهَٰذِهِ ٱلْأَنْهَٰرُ تَجْرِي مِن تَحْتِيٓ ۖ أَفَلَا تُبْصِرُونَ ﴿٥١﴾

52. Hindi baga ako ay higit na mainam sa kanya (Moises), siya na walang dangal (at hindi iginagalang, mahina at kasuklam-suklam), at halos hindi makapangusap sa kanyang sarili nang maliwanag?"

أَمْ أَنَا۠ خَيْرٌ مِّنْ هَٰذَا ٱلَّذِي هُوَ مَهِينٌ وَلَا يَكَادُ يُبِينُ ﴿٥٢﴾

53. "Bakit kaya hindi siya ginawaran ng mga gintong pulseras o di kaya ang mga anghel ay pinasama sa kanya?"

فَلَوْلَآ أُلْقِيَ عَلَيْهِ أَسْوِرَةٌ مِّن ذَهَبٍ أَوْ جَآءَ مَعَهُ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ مُقْتَرِنِينَ ﴿٥٣﴾

54. Sa ganito nilinlang at iniligaw (ni Paraon) ang kanyang pamayanan, at sila ay sumunod sa kanya. Katotohanang sila ay *Fasiqun* (mga tao na palasuway at mapaghimagsik kay Allah).

فَٱسْتَخَفَّ قَوْمَهُۥ فَأَطَاعُوهُ ۚ إِنَّهُمْ كَانُوا۟ قَوْمًا فَٰسِقِينَ ﴿٥٤﴾

55. Kaya't nang Kami ay kanilang pinagalit, Aming pinarusahan at nilunod silang lahat.

فَلَمَّآ ءَاسَفُونَا ٱنتَقَمْنَا مِنْهُمْ فَأَغْرَقْنَٰهُمْ أَجْمَعِينَ ﴿٥٥﴾

56. At Aming ginawa silang halintulad (bilang aral sa mga susunod na henerasyon pagkatapos nila) at bilang halimbawa sa mga darating na henerasyon.

فَجَعَلْنَٰهُمْ سَلَفًا وَمَثَلًا لِّلْءَاخِرِينَ ﴿٥٦﴾

57. At nang ang anak ni Maria ay hinirang na isang halimbawa (alalaong baga, si Hesus ay sinasamba na tulad ng kanilang mga diyus-diyosan), pagmasdan, ang iyong mga tao ay nagkakamayaw (sa pagtatawa)!

۞ وَلَمَّا ضُرِبَ ٱبْنُ مَرْيَمَ مَثَلًا إِذَا قَوْمُكَ مِنْهُ يَصِدُّونَ ﴿٥٧﴾

58. At (sila) ay nagsasabi: "Ang aming mga diyos baga ay higit na mainam o siya kaya (Hesus)? Hindi nila ito itinambad (alalaong baga, ang pagkakahalintulad) maliban (lamang) na isang pagtatalo. Datapuwa't (sa katotohanan), sila ay mga tao na nahihilig sa pakikipagtalo.

وَقَالُوٓا۟ ءَأَٰلِهَتُنَا خَيْرٌ أَمْ هُوَ ۚ مَا ضَرَبُوهُ لَكَ إِلَّا جَدَلًۢا ۚ بَلْ هُمْ قَوْمٌ خَصِمُونَ ﴿٥٨﴾

59. Siya (Hesus) ay hindi hihigit pa sa isang

إِنْ هُوَ إِلَّا عَبْدٌ أَنْعَمْنَا عَلَيْهِ وَجَعَلْنَٰهُ مَثَلًا

alipin. Aming iginawad ang Aming paglingap sa kanya at Aming ginawa siyang halimbawa sa Angkan ng Israel (alalaong baga, siya ay nilikha na walang ama).

لِّبَنِيٓ إِسۡرَٰٓءِيلَ ﴿٥٩﴾

60. At kung ito lamang ay Aming Kalooban, magagawa Namin (na wasakin kayong lahat na mga tao) at ipalit sa inyo ang mga anghel dito sa kalupaan.

وَلَوۡ نَشَآءُ لَجَعَلۡنَا مِنكُم مَّلَٰٓئِكَةٗ فِي ٱلۡأَرۡضِ يَخۡلُفُونَ ﴿٦٠﴾

61. At siya (Hesus, na anak ni Maria) ay magiging isang Tanda (sa pagdating) ng Oras (Araw ng Muling Pagkabuhay; [na si Hesus ay mananaog sa lupa bago dumatal ito]), kaya't huwag kayong mag-alinlangan (sa Oras), datapuwa't Ako ay inyong sundin; ito ang Tuwid na Landas (tungo kay Allah at sa Paraiso).

وَإِنَّهُۥ لَعِلۡمٞ لِّلسَّاعَةِ فَلَا تَمۡتَرُنَّ بِهَا وَٱتَّبِعُونِۚ هَٰذَا صِرَٰطٞ مُّسۡتَقِيمٞ ﴿٦١﴾

62. Huwag ninyong hayaan si Satanas na humadlang sa inyo (sa Tamang Pananalig). Katotohanang siya sa inyo ay isang lantad na kaaway.

وَلَا يَصُدَّنَّكُمُ ٱلشَّيۡطَٰنُۖ إِنَّهُۥ لَكُمۡ عَدُوّٞ مُّبِينٞ ﴿٦٢﴾

63. Nang si Hesus ay dumatal na may Maliwanag na mga Katibayan (mula sa Amin), siya ay nagsabi: "Ako ay dumatal sa inyo na may *Hikmah* (karunungan ng isang propeta), upang aking gawing maliwanag sa inyo ang ilan (sa mga bagay-bagay) na inyong pinagtatalunan; kaya't inyong pangambahan si Allah at ako ay inyong sundin."

وَلَمَّا جَآءَ عِيسَىٰ بِٱلۡبَيِّنَٰتِ قَالَ قَدۡ جِئۡتُكُم بِٱلۡحِكۡمَةِ وَلِأُبَيِّنَ لَكُم بَعۡضَ ٱلَّذِي تَخۡتَلِفُونَ فِيهِۖ فَٱتَّقُواْ ٱللَّهَ وَأَطِيعُونِ ﴿٦٣﴾

64. "Katotohanang si Allah, Siya ang aking Panginoon at inyong Panginoon; kaya't tanging Siya ang inyong sambahin; ito (lamang) ang Matuwid na Landas."

إِنَّ ٱللَّهَ هُوَ رَبِّي وَرَبُّكُمۡ فَٱعۡبُدُوهُۚ هَٰذَا صِرَٰطٞ مُّسۡتَقِيمٞ ﴿٦٤﴾

65. Datapuwa't ang iba't ibang sekta sa lipon nila ay hindi sumang-ayon (at humiwalay); kaya't kasawian sa mga gumagawa ng kamalian sa kaparusahan ng kahindik-hindik na Araw (ang Araw ng Muling Pagkabuhay)!

فَٱخۡتَلَفَ ٱلۡأَحۡزَابُ مِنۢ بَيۡنِهِمۡۖ فَوَيۡلٞ لِّلَّذِينَ ظَلَمُواْ مِنۡ عَذَابِ يَوۡمٍ أَلِيمٍ ﴿٦٥﴾

66. Sila baga'y nagsisipaghintay lamang sa Oras, na ito ay dumatal sa kanila nang kaginsa-ginsa, habang ito ay hindi nila napag-aakala?

هَلۡ يَنظُرُونَ إِلَّا ٱلسَّاعَةَ أَن تَأۡتِيَهُم بَغۡتَةٗ وَهُمۡ لَا يَشۡعُرُونَ ﴿٦٦﴾

67. Ang mga magkakaibigan sa Araw na ito ay magiging magkaaway, ang bawa't isa sa kanila;

ٱلۡأَخِلَّآءُ يَوۡمَئِذِۭ بَعۡضُهُمۡ لِبَعۡضٍ عَدُوٌّ

maliban sa *Muttaqun* (mga matutuwid at matimtimang tao na nananampalataya kay Allah).

إِلَّا ٱلْمُتَّقِينَ ﴿٦٧﴾

68. (Dito ay ipagbabadya sa mga tunay na nananampalataya sa Kaisahan ni Allah): "O Aking mga tagapagsamba (alipin)! Sa Araw na ito ay walang pangangamba sa inyo, gayundin kayo ay hindi mamimighati,

يَٰعِبَادِ لَا خَوْفٌ عَلَيْكُمُ ٱلْيَوْمَ وَلَآ أَنتُمْ تَحْزَنُونَ ﴿٦٨﴾

69. (Kayo) na mga nagsisampalataya sa Aming *Ayat* (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral) at naging mga Muslim (buong ganap na nagsitalima sa kapasyahan at Kaisahan ni Allah).

ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا وَكَانُوا۟ مُسْلِمِينَ ﴿٦٩﴾

70. Magsipasok kayo sa Halamanan (Paraiso), kayo at ang inyong mga asawa, sa kaligayahan.

ٱدْخُلُوا۟ ٱلْجَنَّةَ أَنتُمْ وَأَزْوَٰجُكُمْ تُحْبَرُونَ ﴿٧٠﴾

71. Sa buong paligid nila ay idudulot ang mga kubyertos at kopita na gawa sa ginto; (naroroong) lahat ang anumang bawat naisin ng kanilang sarili (kaluluwa), ang lahat ng bagay na magbibigay-ligaya sa kanilang paningin; at kayo ay magsisipanahan dito magpakailanman.

يُطَافُ عَلَيْهِم بِصِحَافٍ مِّن ذَهَبٍ وَأَكْوَابٍ ۖ وَفِيهَا مَا تَشْتَهِيهِ ٱلْأَنفُسُ وَتَلَذُّ ٱلْأَعْيُنُ ۖ وَأَنتُمْ فِيهَا خَٰلِدُونَ ﴿٧١﴾

72. At ito ang Paraiso na itinakda sa inyo na inyong manahin dahilan sa inyong (mabubuting) gawa na ginawa ninyo (sa buhay sa mundong ito).

وَتِلْكَ ٱلْجَنَّةُ ٱلَّتِىٓ أُورِثْتُمُوهَا بِمَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٧٢﴾

73. Naririto sa inyo ang masaganang bungang-kahoy na inyong kakainin (sa inyong maibigan).

لَكُمْ فِيهَا فَٰكِهَةٌ كَثِيرَةٌ مِّنْهَا تَأْكُلُونَ ﴿٧٣﴾

74. Katotohanan, ang mga makasalanan (mga tampalasan, kriminal, walang pananalig kay Allah) ay nasa Kaparusahan ng Impiyerno upang manahan dito magpakailanman.

إِنَّ ٱلْمُجْرِمِينَ فِى عَذَابِ جَهَنَّمَ خَٰلِدُونَ ﴿٧٤﴾

75. (Ang Kaparusahan) ay hindi magbabawa sa kanila, at sila ay ihuhulog sa pagkawasak na may matinding pagsisisi (kapighatian at kasawian at kawalang-pag-asa).

لَا يُفَتَّرُ عَنْهُمْ وَهُمْ فِيهِ مُبْلِسُونَ ﴿٧٥﴾

76. Kailanman ay hindi Kami naging di-makatarungan sa kanila, datapuwa't sila ay *Zalimun* (mga tampalasan, mapagsamba sa diyus-diyosan, mapaggawa ng kamalian).

وَمَا ظَلَمْنَٰهُمْ وَلَٰكِن كَانُوا۟ هُمُ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٧٦﴾

77. Sila ay magsisitaghoy: "O Malik (ang Tagapagbantay ng Impiyerno)! Hayaan ang iyong Panginoon ay magbigay-wakas sa amin!"

وَنَادَوْا۟ يَٰمَٰلِكُ لِيَقْضِ عَلَيْنَا رَبُّكَ ۖ قَالَ إِنَّكُم مَّٰكِثُونَ ﴿٧٧﴾

Siya (Malik) ay magsasabi: "Hindi, katotohanang kayo ay mananatili rito magpakailanman!"

لَقَدْ جِئْنَٰكُم بِٱلْحَقِّ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَكُمْ لِلْحَقِّ كَٰرِهُونَ ﴿٧٨﴾

78. Tunay ngang inihayag Namin sa inyo ang Katotohanan (sa pagsusugo kay Muhammad na may taglay na Qur'an), datapuwa't ang karamihan sa inyo ay nasusuklam sa Katotohanan.

أَمْ أَبْرَمُوٓا۟ أَمْرًا فَإِنَّا مُبْرِمُونَ ﴿٧٩﴾

79. O sila ba ay nagpakana ng (ilang) balak (alalaong baga, pagsasabwatan laban sa Propeta)? Datapuwa't katotohanang Kami (rin) ay nagpapakana (ng isang balak).

أَمْ يَحْسَبُونَ أَنَّا لَا نَسْمَعُ سِرَّهُمْ وَنَجْوَىٰهُم ۚ بَلَىٰ وَرُسُلُنَا لَدَيْهِمْ يَكْتُبُونَ ﴿٨٠﴾

80. O napag-aakala baga nila na hindi Namin naririnig ang kanilang mga lihim at kanilang mga lingid na usapan at pagsasanggunian? Tunay nga, ang Aming mga Sugo (mga anghel na nagbabantay sa bawat tao) ay nasa lipon nila upang magtala.

قُلْ إِن كَانَ لِلرَّحْمَٰنِ وَلَدٌ فَأَنَا۠ أَوَّلُ ٱلْعَٰبِدِينَ ﴿٨١﴾

81. Ipagbadya (O Muhammad): "Kung ang Pinakamahabagin (Allah) ay may anak na lalaki, (o mga supling na inyong iniaakibat sa Kanya), kung gayon, ako ang magiging una sa mga sasamba sa kanya (ang anak na lalaki o mga supling, kaya't ako ang unang nagtatatwa at sumasalansang ng inyong paniniwala at una sa mga sasampalataya sa Kanya lamang at magpapatotoo na Siya ay walang mga anak)."

سُبْحَٰنَ رَبِّ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ رَبِّ ٱلْعَرْشِ عَمَّا يَصِفُونَ ﴿٨٢﴾

82. Kaluwalhatian sa Panginoon ng kalangitan at kalupaan, at sa Panginoon ng *'Arsh* (Luklukan)! Higit Siyang Mataas sa Lahat ng mga inihahalintulad (sa Kanya)!

فَذَرْهُمْ يَخُوضُوا۟ وَيَلْعَبُوا۟ حَتَّىٰ يُلَٰقُوا۟ يَوْمَهُمُ ٱلَّذِى يُوعَدُونَ ﴿٨٣﴾

83. Kaya't hayaan sila na mangusap nang walang katuturan at magsipaglaro hanggang sa kanilang sapitin ang kanilang Araw na sa kanila ay ipinangako.

وَهُوَ ٱلَّذِى فِى ٱلسَّمَآءِ إِلَٰهٌ وَفِى ٱلْأَرْضِ إِلَٰهٌ ۚ وَهُوَ ٱلْحَكِيمُ ٱلْعَلِيمُ ﴿٨٤﴾

84. Siya (lamang, si Allah) ang tanging Diyos sa kalangitan at Diyos sa kalupaan; at Siya ay Tigib ng Karunungan at Puspos ng Kaalaman.

وَتَبَارَكَ ٱلَّذِى لَهُۥ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَمَا بَيْنَهُمَا ۖ وَعِندَهُۥ عِلْمُ ٱلسَّاعَةِ ۖ وَإِلَيْهِ تُرْجَعُونَ ﴿٨٥﴾

85. At kapuri-puri Siya na nag-aangkin ng lahat ng Kaharian sa kalangitan at kalupaan, at lahat ng nasa pagitan nito, at nasa Kanya lamang ang kaalaman sa Huling Oras, at sa Kanya, kayong (lahat) ay magbabalik.

وَلَا يَمْلِكُ ٱلَّذِينَ يَدْعُونَ مِن دُونِهِ ٱلشَّفَٰعَةَ إِلَّا مَن شَهِدَ بِٱلْحَقِّ وَهُمْ يَعْلَمُونَ ﴿٨٦﴾

86. At yaong mga sinasamba nila maliban sa Kanya ay walang anumang kapangyarihan upang makapamagitan; maliban sa kanila na nagbibigay-saksi sa Katotohanan (alalaong baga, ang makikinabang ay sila lamang na sumampalataya sa Kaisahan ni Allah at sumunod sa Kanyang mga pag-uutos), at kanilang nababatid (na ang pamamagitan ay igagawad lamang sa kapahintulutan ni Allah sa sinumang Kanyang naisin).

وَلَئِن سَأَلْتَهُم مَّنْ خَلَقَهُمْ لَيَقُولُنَّ ٱللَّهُ ۖ فَأَنَّىٰ يُؤْفَكُونَ ﴿٨٧﴾

87. At kung sila ay iyong tatanungin kung sino ang lumikha sa kanila, walang pagsala na kanilang sasabihin: "Si Allah." Paano sila kung gayon naligaw?

وَقِيلِهِۦ يَٰرَبِّ إِنَّ هَٰٓؤُلَآءِ قَوْمٌ لَّا يُؤْمِنُونَ ﴿٨٨﴾

88. At (si Allah ay kumikilala) sa sinasabi (ni Propeta Muhammad tungkol sa karaingan niya sa kanyang mga tao): "O aking Panginoon, katotohanang sila ang mga tao na hindi sasampalataya!"

فَٱصْفَحْ عَنْهُمْ وَقُلْ سَلَٰمٌ ۚ فَسَوْفَ يَعْلَمُونَ ﴿٨٩﴾

89. Kaya't tumalikod ka (O Muhammad) sa kanila, at ikaw ay magsabi: "*Salam* (Kapayapaan)!" Subalit (hindi magtatagal) ay kanilang mapag-aalaman![52]

[52] Ang pag-uutos sa Talatang ito ay pinawalang-saysay sa pamamagitan ng talatang 9:5 ng Qur'an.

Surah 44

Surat Ad-Dukhan
(Ang Usok)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

حمٓ ﴿١﴾

1. Ha, Mim. (Mga titik Ha, Ma. Ito ay isa sa mga milagro ng Qur'an at tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

وَٱلْكِتَٰبِ ٱلْمُبِينِ ﴿٢﴾

2. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Aklat (ang Qur'an) na nagbibigay-kaliwanagan (sa mga bagay).

إِنَّآ أَنزَلْنَٰهُ فِى لَيْلَةٍ مُّبَٰرَكَةٍ ۚ إِنَّا كُنَّا مُنذِرِينَ ﴿٣﴾

3. Katotohanang ipinanaog Namin ito (ang Qur'an) sa oras ng Pinagpalang Gabi (alalaong baga, ang Gabi ng *Qadr*, Surah Blg. 97, [sa buwan ng Ramadhan, ang pangsiyam na buwan ng kalendaryong Islamiko]). Katotohanang Kami ay lagi nang nagbababala (sa sangkatauhan, na ang Aming Kaparusahan ay sasapit sa kanila na hindi nananalig sa Aming Kaisahan at pagiging Panginoon at sa Kaisahan ng Pagsamba sa Amin).

فِيهَا يُفْرَقُ كُلُّ أَمْرٍ حَكِيمٍ ﴿٤﴾

4. Dito (sa natatanging Gabi) ay ginawa na natatangi (o nahihiwalay o pinagbaha-bahagi kung anuman ang nakatitik sa Napapangalagaang Talaan, alalaong baga, ang mga anghel ang nagtatala at nagpapanaog ng lahat ng mga itinakda [ipinag-utos] na mga pangyayari tungkol sa lahat ng bagay tulad ng kamatayan, pagsilang, ikabubuhay, kapinsalaan, atbp. [sa susunod] na buong taon ayon sa itinalaga ni Allah).

أَمْرًا مِّنْ عِندِنَآ ۚ إِنَّا كُنَّا مُرْسِلِينَ ﴿٥﴾

5. Ang (lahat) ng bagay (o pangyayari o katakdaan) ay (nanggagaling) mula sa Amin. Katotohanang Kami ay lagi nang nagsusugo (ng mga Sugo),

رَحْمَةً مِّن رَّبِّكَ ۚ إِنَّهُۥ هُوَ ٱلسَّمِيعُ

6. (Bilang) Habag mula sa iyong Panginoon.

Katotohanan! Siya ang Ganap na Nakakarinig, ang Ganap na Nakakaalam.

ٱلْعَلِيمُ ﴿٦﴾

7. Ang Panginoon ng kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito, kung kayo (lamang) ay may tiyak na pananalig.

رَبِّ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَمَا بَيْنَهُمَآ ۖ إِن كُنتُم مُّوقِنِينَ ﴿٧﴾

8. La ilaha illa Huwa (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya). Siya ang naggagawad ng buhay at gayundin ng kamatayan, ang inyong Panginoon, at ang Panginoon ng nauna ninyong mga ninuno.

لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ يُحْىِۦ وَيُمِيتُ ۖ رَبُّكُمْ وَرَبُّ ءَابَآئِكُمُ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿٨﴾

9. Datapuwa't sila ay nasa pag-aalinlangan, na nalilibang sa kanilang sarili.

بَلْ هُمْ فِى شَكٍّ يَلْعَبُونَ ﴿٩﴾

10. Kung gayon, kayo ay maghintay sa Araw na ang kalangitan ay maglalabas ng usok na (inyong) mamamasdan,

فَٱرْتَقِبْ يَوْمَ تَأْتِى ٱلسَّمَآءُ بِدُخَانٍ مُّبِينٍ ﴿١٠﴾

11. Na lalambong sa mga tao. Ito ay isang Kasakit-sakit na Kaparusahan.

يَغْشَى ٱلنَّاسَ ۖ هَٰذَا عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿١١﴾

12. (At sila ay magsasabi): "O aming Panginoon! Pawiin Ninyo sa amin ang Kaparusahang ito, katiyakang kami ay tunay na nananampalataya!"

رَبَّنَا ٱكْشِفْ عَنَّا ٱلْعَذَابَ إِنَّا مُؤْمِنُونَ ﴿١٢﴾

13. Paano silang magkakaroon ng paala-ala (sa sandaling ang Kaparusahan ay sumapit sa kanila sa oras na yaon)? At sa kanila ay dumatal na ang isang lantad na Sugo.

أَنَّىٰ لَهُمُ ٱلذِّكْرَىٰ وَقَدْ جَآءَهُمْ رَسُولٌ مُّبِينٌ ﴿١٣﴾

14. Kaya't sila ay tumalikod sa kanya (Muhammad) at (sila ay) nagsabi: "Isang tinuruan lamang (ng ibang tao), at may sira ang pag-iisip!"

ثُمَّ تَوَلَّوْا عَنْهُ وَقَالُوا مُعَلَّمٌ مَّجْنُونٌ ﴿١٤﴾

15. Katotohanang pansamantala (lamang) na Aming papawiin (sa inyo) ang Kaparusahan. Katotohanang kayo ay magbabalik (sa kawalan ng pananampalataya)!

إِنَّا كَاشِفُوا ٱلْعَذَابِ قَلِيلًا ۚ إِنَّكُمْ عَآئِدُونَ ﴿١٥﴾

16. Sa Araw na kayo ay Aming susukulin ng matinding Sakmal, katotohanang Kami ay gagawa ng pagganti!

يَوْمَ نَبْطِشُ ٱلْبَطْشَةَ ٱلْكُبْرَىٰ ۚ إِنَّا مُنتَقِمُونَ ﴿١٦﴾

17. At katotohanang Aming sinubukan nang una pa sa kanila ang mga tao ni Paraon nang dumatal sa kanila ang isang matimtimang Sugo (Moises).

۞ وَلَقَدْ فَتَنَّا قَبْلَهُمْ قَوْمَ فِرْعَوْنَ وَجَآءَهُمْ رَسُولٌ كَرِيمٌ ﴿١٧﴾

18. (Na nagsasabi): "Ibalik mo sa akin ang mga

أَنْ أَدُّوٓا۟ إِلَىَّ عِبَادَ ٱللَّهِ ۖ إِنِّى لَكُمْ رَسُولٌ

alipin ni Allah (alalaong baga, ang Angkan ng Israel). Katotohanang ako sa inyo ay isang Sugo na karapat-dapat sa lahat (ng inyong) pagtitiwala,

أَمِينٌ ﴿١٨﴾

19. At huwag kayong maging mapagmalaki (sa inyong sarili) ng laban kay Allah. Katotohanang ako ay dumatal sa inyo na may maliwanag na kapamahalaan,

وَأَن لَّا تَعْلُوا عَلَى اللَّهِ ۖ إِنِّي آتِيكُم بِسُلْطَانٍ مُّبِينٍ ﴿١٩﴾

20. At tunay ngang ako ay lumuluhog ng kaligtasan mula sa aking Panginoon at inyong Panginoon, baka ako ay inyong batuhin (o saktan o tawagin akong isang manggagaway),

وَإِنِّي عُذْتُ بِرَبِّي وَرَبِّكُمْ أَن تَرْجُمُونِ ﴿٢٠﴾

21. Datapuwa't kung ako ay hindi ninyo paniwalaan, kung gayon, magsilayo kayo sa akin at ako ay iwan ninyong mag-isa."

وَإِن لَّمْ تُؤْمِنُوا لِي فَاعْتَزِلُونِ ﴿٢١﴾

22. (Nguni't sila ay palalo), kaya't siya (Moises) ay humibik sa kanyang Panginoon (na nagsasabi): "Katotohanang sila ang mga tao na makasalanan (tampalasan, walang pananalig, kriminal)."

فَدَعَا رَبَّهُ أَنَّ هَٰؤُلَاءِ قَوْمٌ مُّجْرِمُونَ ﴿٢٢﴾

23. (Si Allah ay nagwika): "At sa gabi, humayo ka na kasama ang Aking mga lingkod, katotohanang kayo ay tutugisin."

فَأَسْرِ بِعِبَادِي لَيْلًا إِنَّكُم مُّتَّبَعُونَ ﴿٢٣﴾

24. At iwan ninyo ang dagat na tahimik (na nahahati, alalaong baga, ito ay nakabuka upang papasukin ang mga sundalo ni Paraon na tumutugis sa Angkan ng Israel), sapagkat sila ay lipon (na nakatakdang) malunod.

وَاتْرُكِ الْبَحْرَ رَهْوًا ۖ إِنَّهُمْ جُندٌ مُّغْرَقُونَ ﴿٢٤﴾

25. Gaano karaming halamanan at mga batis ang maiiwan (ng mga tao ni Paraon)?

كَمْ تَرَكُوا مِن جَنَّاتٍ وَعُيُونٍ ﴿٢٥﴾

26. At mga bukirin ng mais at mababuting lugar,

وَزُرُوعٍ وَمَقَامٍ كَرِيمٍ ﴿٢٦﴾

27. At mga kaaliwan ng buhay na labis nilang kinatutuwaan!

وَنَعْمَةٍ كَانُوا فِيهَا فَاكِهِينَ ﴿٢٧﴾

28. Kaya't ito nga (ang kanilang naging hantungan)! At ginawa Namin ang mga tao (Angkan ng Israel) na siyang magmana (ng kaharian ng Ehipto).

كَذَٰلِكَ ۖ وَأَوْرَثْنَاهَا قَوْمًا آخَرِينَ ﴿٢٨﴾

29. At ang kalangitan at kalupaan ay hindi lumuha sa kanila, gayundin naman sila ay hindi binigyan ng palugit.

فَمَا بَكَتْ عَلَيْهِمُ السَّمَاءُ وَالْأَرْضُ وَمَا كَانُوا مُنظَرِينَ ﴿٢٩﴾

30. At katotohanang iniligtas Namin ang Angkan ng Israel sa Kaaba-abang Kaparusahan,

وَلَقَدْ نَجَّيْنَا بَنِيٓ إِسْرَٰٓءِيلَ مِنَ ٱلْعَذَابِ ٱلْمُهِينِ ﴿٣٠﴾

31. Mula kay Paraon, katotohanang siya ay mapagpalalo at kabilang sa *Musrifun* (mga tampalasan, sila na lumalagpas sa hangganan ng paggugol at sa iba pang bagay at gumagawa ng malalaking kasalanan).

مِن فِرْعَوْنَ ۚ إِنَّهُۥ كَانَ عَالِيًا مِّنَ ٱلْمُسْرِفِينَ ﴿٣١﴾

32. At Aming pinili ang Angkan ng Israel nang higit sa lahat ng mga nilalalang (sa panahon ni Moises) ng may Kaalaman,

وَلَقَدِ ٱخْتَرْنَٰهُمْ عَلَىٰ عِلْمٍ عَلَى ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٣٢﴾

33. At iginawad sa kanila ang mga Tanda na naroroon ang maliliwanag na pagsubok.

وَءَاتَيْنَٰهُم مِّنَ ٱلْءَايَٰتِ مَا فِيهِ بَلَٰٓؤٌا۟ مُّبِينٌ ﴿٣٣﴾

34. Katotohanan, ang mga taong ito (Quraish) ay nagsasabi:

إِنَّ هَٰٓؤُلَآءِ لَيَقُولُونَ ﴿٣٤﴾

35. "Wala ng iba pa maliban sa aming unang kamatayan, at kami ay hindi na muling ibabangon.

إِنْ هِىَ إِلَّا مَوْتَتُنَا ٱلْأُولَىٰ وَمَا نَحْنُ بِمُنشَرِينَ ﴿٣٥﴾

36. Kaya't ibangon ninyong muli ang aming mga ninuno kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan!"

فَأْتُوا۟ بِـَٔابَآئِنَآ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿٣٦﴾

37. Sila ba ay higit na mainam o ang mga tao ng Tubba (ang tribu ng Saba) at sila na nauna sa kanila? Sila ay Aming winasak sapagkat katotohanang sila ay makasalanan (walang pananalig, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, kriminal).

أَهُمْ خَيْرٌ أَمْ قَوْمُ تُبَّعٍ وَٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ ۚ أَهْلَكْنَٰهُمْ ۚ إِنَّهُمْ كَانُوا۟ مُجْرِمِينَ ﴿٣٧﴾

38. At hindi Namin nilikha ang kalangitan at ang kalupaan, at lahat ng nasa pagitan nito bilang isang laro lamang,

وَمَا خَلَقْنَا ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ وَمَا بَيْنَهُمَا لَٰعِبِينَ ﴿٣٨﴾

39. Hindi Namin nilikha sila maliban na may katotohanan (alalaong baga, upang suriin at subukan ang mga masunurin at palasuway at upang gantimpalaan ang palasunod at parusahan ang palasuway), datapuwa't ang karamihan sa kanila ay hindi nakakaalam.

مَا خَلَقْنَٰهُمَآ إِلَّا بِٱلْحَقِّ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٣٩﴾

40. Katotohanan, ang Araw ng Paghuhukom ay ang natatakdaang oras para sa kanilang lahat,

إِنَّ يَوْمَ ٱلْفَصْلِ مِيقَٰتُهُمْ أَجْمَعِينَ ﴿٤٠﴾

41. Sa Araw na ang isang malapit na kamag-anak ay hindi makakaasa ng tulong sa isang malapit na kamag-anak, at walang tulong ang kanilang matatanggap,

يَوْمَ لَا يُغْنِى مَوْلًى عَن مَّوْلًى شَيْـًٔا وَلَا هُمْ يُنصَرُونَ ﴿٤١﴾

إِلَّا مَن رَّحِمَ ٱللَّهُ ۚ إِنَّهُۥ هُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلرَّحِيمُ ﴿٤٢﴾

42. Maliban sa kanya na gawaran ng Habag ni Allah. Katotohanang Siya ang Pinakamakapangyarihan, ang Pinakamaawain.

إِنَّ شَجَرَتَ ٱلزَّقُّومِ ﴿٤٣﴾

43. Katotohanan ang puno ng *Zaqqum*,

طَعَامُ ٱلْأَثِيمِ ﴿٤٤﴾

44. Ang siyang magiging pagkain ng mga Makasalanan,

كَٱلْمُهْلِ يَغْلِى فِى ٱلْبُطُونِ ﴿٤٥﴾

45. Na tulad ng kumukulong langis, ito ay kukulo sa mga tiyan,

كَغَلْىِ ٱلْحَمِيمِ ﴿٤٦﴾

46. Na katulad nang pagkulo ng nakababanling tubig.

خُذُوهُ فَٱعْتِلُوهُ إِلَىٰ سَوَآءِ ٱلْجَحِيمِ ﴿٤٧﴾

47. (At dito ay ipagbabadya): "Sakmalin siya at kaladkarin siya sa gitna ng Naglalagablab na Apoy,

ثُمَّ صُبُّوا۟ فَوْقَ رَأْسِهِۦ مِنْ عَذَابِ ٱلْحَمِيمِ ﴿٤٨﴾

48. Kaya't ibuhos sa kanyang ulo ang Kaparusahan ng Kumukulong Tubig,

ذُقْ إِنَّكَ أَنتَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْكَرِيمُ ﴿٤٩﴾

49. Lasapin mo (ito)! Katotohanang ikaw (ay nagkukunwari) na makapangyarihan, ang mapagbigay!

إِنَّ هَٰذَا مَا كُنتُم بِهِۦ تَمْتَرُونَ ﴿٥٠﴾

50. Katotohanang ito ang iyong pinag-aalinlanganan noon!"

إِنَّ ٱلْمُتَّقِينَ فِى مَقَامٍ أَمِينٍ ﴿٥١﴾

51. Katotohanan, ang *Muttaqun* (mga matimtiman at matuwid na tao na nangangamba kay Allah nang labis at umiiwas sa lahat ng mga kasalanan at masasamang gawa na Kanyang ipinagbawal at nagmamahal kay Allah nang higit at nagsasagawa ng lahat ng uri ng mababuting gawa na Kanyang ipinag-utos), ay mapapasalugar ng Kapanatagan (Paraiso),

فِى جَنَّٰتٍ وَعُيُونٍ ﴿٥٢﴾

52. Sa gitna ng Halamanan at mga Batis;

يَلْبَسُونَ مِن سُندُسٍ وَإِسْتَبْرَقٍ مُّتَقَٰبِلِينَ ﴿٥٣﴾

53. Na nadaramtan nang madulas na sutla at (gayundin) nang makapal na sutla, na nakaharap sa isa't isa,

كَذَٰلِكَ وَزَوَّجْنَٰهُم بِحُورٍ عِينٍ ﴿٥٤﴾

54. (Kaya't ito ang mangyayari), at sila ay Aming ipapangasawa sa *Houris* (lubhang maputing mga babae na nilikha ni Allah ngunit hindi mula sa supling ni Adan, na may tampok na itim ng mata at puti ng mata).

يَدْعُونَ فِيهَا بِكُلِّ فَٰكِهَةٍ ءَامِنِينَ ﴿٥٥﴾

55. Sila ay tatawag dito sa lahat ng uri ng bungangkahoy sa kapayapaan at kapanatagan;

لَا يَذُوقُونَ فِيهَا ٱلْمَوْتَ إِلَّا ٱلْمَوْتَةَ ٱلْأُولَىٰ ۖ وَوَقَىٰهُمْ عَذَابَ ٱلْجَحِيمِ ﴿٥٦﴾

56. Sila ay hindi kailanman makalalasap ng kamatayan dito maliban sa unang kamatayan (sa buhay sa mundong ito), at Kanyang ililigtas sila sa Kaparusahan ng Naglalagablab na Apoy,

فَضْلًا مِّن رَّبِّكَ ۚ ذَٰلِكَ هُوَ ٱلْفَوْزُ ٱلْعَظِيمُ ﴿٥٧﴾

57. Bilang isang Biyaya mula sa iyong Panginoon! Ito ang sukdol na tagumpay!

فَإِنَّمَا يَسَّرْنَٰهُ بِلِسَانِكَ لَعَلَّهُمْ يَتَذَكَّرُونَ ﴿٥٨﴾

58. Katiyakang Aming ginawa ito (ang Qur'an) na magaan sa iyong dila upang sila ay makaala-ala.

فَٱرْتَقِبْ إِنَّهُم مُّرْتَقِبُونَ ﴿٥٩﴾

59. Kung gayon, maghintay ka (O Muhammad); katotohanang sila (rin) ay naghihintay.

سُورَةُ الجَاثِيَةِ

Surah 45

Surat Al-Jathiyah
(Ang Pagluhod)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ha Mim. (Mga titik Ha, Ma. Ito ay isa sa mga milagro ng Qur'an at tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

حمٓ ﴿١﴾

2. Ang Kapahayagan ng Aklat (ang Qur'an) ay mula kay Allah, ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

تَنزِيلُ ٱلْكِتَٰبِ مِنَ ٱللَّهِ ٱلْعَزِيزِ ٱلْحَكِيمِ ﴿٢﴾

3. Katotohanang sa kalangitan at kalupaan, naririto ang mga Tanda sa mga sumasampala-taya.

إِنَّ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ لَءَايَٰتٍ لِّلْمُؤْمِنِينَ ﴿٣﴾

4. At sa pagkakalikha sa inyong sarili, at sa anumang Kanyang ikinalat (sa kalupaan) na gumagalaw (may buhay) na mga nilalang. Ito ay mga Tanda para sa mga tao na may matibay at tiyak na pananalig.

وَفِى خَلْقِكُمْ وَمَا يَبُثُّ مِن دَآبَّةٍ ءَايَٰتٌ لِّقَوْمٍ يُوقِنُونَ ﴿٤﴾

5. At sa pagpapalitan ng araw at gabi, at sa anumang ipinapanaog na panustos ni Allah mula sa alapaap (alalaong baga, ang ulan) at nagbigay-buhay sa tigang na lupa, at sa pagbabago ng direksyon ng ihip ng hangin (alalaong baga, kung minsan ay patungo sa silangan o hilaga, at kung minsan ay patungo sa timog o kanluran, at kung minsan ay nagdadala ng masayang balita ng ulan at kung minsan ay nagdadala ng kaparusahan [bagyo]), ito ay mga Tanda para sa mga tao na may kaalaman at pang-unawa.

وَٱخْتِلَٰفِ ٱلَّيْلِ وَٱلنَّهَارِ وَمَآ أَنزَلَ ٱللَّهُ مِنَ ٱلسَّمَآءِ مِن رِّزْقٍ فَأَحْيَا بِهِ ٱلْأَرْضَ بَعْدَ مَوْتِهَا وَتَصْرِيفِ ٱلرِّيَٰحِ ءَايَٰتٌ لِّقَوْمٍ يَعْقِلُونَ ﴿٥﴾

6. Ito ang *Ayat* (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral) ni Allah na Aming ipinahayag sa iyo (O Muhammad) ng may katotohanan, kaya't sa ano pa kayang pahayag na alinsunod kay Allah at sa Kanyang *Ayat* (mga katibayan,

تِلْكَ ءَايَٰتُ ٱللَّهِ نَتْلُوهَا عَلَيْكَ بِٱلْحَقِّ ۖ فَبِأَىِّ حَدِيثٍۭ بَعْدَ ٱللَّهِ وَءَايَٰتِهِۦ يُؤْمِنُونَ ﴿٦﴾

aral, kapahayagan, tanda) sila ay maniniwala?

وَيْلٌ لِّكُلِّ أَفَّاكٍ أَثِيمٍ ﴿٧﴾

7. At kasawian sa bawat makasalanan na mapagkunwari!

يَسْمَعُ ءَايَٰتِ ٱللَّهِ تُتْلَىٰ عَلَيْهِ ثُمَّ يُصِرُّ مُسْتَكْبِرًا كَأَن لَّمْ يَسْمَعْهَا ۖ فَبَشِّرْهُ بِعَذَابٍ أَلِيمٍ ﴿٨﴾

8. Na nakakarinig sa mga Talata ni Allah na ipinahayag sa kanya. Datapuwa't siya ay matigas at mapagmataas na wari bang wala siyang naririnig. Kung gayon, ipagbadya sa kanya ang kasakit-sakit na parusa.

وَإِذَا عَلِمَ مِنْ ءَايَٰتِنَا شَيْـًٔا ٱتَّخَذَهَا هُزُوًا ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ لَهُمْ عَذَابٌ مُّهِينٌ ﴿٩﴾

9. At kung siya ay makaalam ng ilan sa Aming mga Talata (ang Qur'an), tinatanggap niya ito ng may panunuya. Sa ganitong (mga tao) ay may Kaaba-abang Parusa.

مِّن وَرَآئِهِمْ جَهَنَّمُ ۖ وَلَا يُغْنِى عَنْهُم مَّا كَسَبُوا۟ شَيْـًٔا وَلَا مَا ٱتَّخَذُوا۟ مِن دُونِ ٱللَّهِ أَوْلِيَآءَ ۖ وَلَهُمْ عَذَابٌ عَظِيمٌ ﴿١٠﴾

10. Sa unahan nila ay Impiyerno, at walang kapakinabangan sa kanila ang anumang kanilang pinagpaguran (kinita) gayundin (ay walang kapakinabangan sa kanila) ang mga tinangkilik nila na *Auliya* (mga tagapangalaga, kawaksi, tagapagtanggol) maliban kay Allah. At sasakanila ang Matinding Parusa.

هَٰذَا هُدًى ۖ وَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ بِـَٔايَٰتِ رَبِّهِمْ لَهُمْ عَذَابٌ مِّن رِّجْزٍ أَلِيمٌ ﴿١١﴾

11. Ito (ang Qur'an) ang tunay na Patnubay. At sa mga nagtatakwil sa *Ayat* (mga tanda, kapahayagan, katibayan, aral) ng kanilang Panginoon, sasakanila ang isang Kasakit-sakit na Parusa na kasuklam-suklam.

۞ ٱللَّهُ ٱلَّذِى سَخَّرَ لَكُمُ ٱلْبَحْرَ لِتَجْرِىَ ٱلْفُلْكُ فِيهِ بِأَمْرِهِۦ وَلِتَبْتَغُوا۟ مِن فَضْلِهِۦ وَلَعَلَّكُمْ تَشْكُرُونَ ﴿١٢﴾

12. Ipinailalim ni Allah (sa inyong pag-uutos) ang karagatan, upang ang mga barko ay lumayag dito sa pamamagitan ng Kanyang Kautusan upang kayo ay magsihanap ng Kanyang mga Biyaya, at kayo ay magkaroon ng damdamin ng pasasalamat,

وَسَخَّرَ لَكُم مَّا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ جَمِيعًا مِّنْهُ ۚ إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَءَايَٰتٍ لِّقَوْمٍ يَتَفَكَّرُونَ ﴿١٣﴾

13. At ipinailalim Niya sa inyo (sa Kanyang kapahintulutan) ang lahat ng nasa kalangitan at lahat ng nasa kalupaan; ang lahat ng mga ito ay bilang kaloob at kabaitan mula sa Kanya. Katotohanang naririto ang mga Tanda sa mga tao na nagmumuni-muni.

قُل لِّلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ يَغْفِرُوا۟ لِلَّذِينَ لَا يَرْجُونَ أَيَّامَ ٱللَّهِ لِيَجْزِىَ قَوْمًۢا بِمَا كَانُوا۟ يَكْسِبُونَ ﴿١٤﴾

14. Ipagbadya mo (O Muhammad) sa mga sumasampalataya (na marapat) nilang patawarin yaong mga hindi umaasa sa mga Araw ni Allah (alalaong baga, ang Kanyang pagganti), upang Kanyang mabayaran ang mga tao (alalaong baga, sa Kabilang Buhay, yaong

mga nagpatawad ay gagantimpalaan at yaong kumita ng kasamaan ay parurusahan). [Ang kautusan sa Talatang ito ay pinawalang-saysay ng Talata ng *Jihad* (Banal na Pakikipaglaban) laban sa mga mapagsamba sa diyus-diyosan, Qur'an 9:36].

مَنْ عَمِلَ صَٰلِحًا فَلِنَفْسِهِۦ ۖ وَمَنْ أَسَآءَ فَعَلَيْهَا ۖ ثُمَّ إِلَىٰ رَبِّكُمْ تُرْجَعُونَ ﴿١٥﴾

15. Sinuman ang gumawa nang matuwid na gawa, ito ay para sa kanyang sariling kapakanan; at sinuman ang gumawa nang masama, ito ay gawa na laban sa kanyang (sariling) kaluluwa. Sa huli, kayo ay muling magbabalik sa inyong Panginoon.

وَلَقَدْ ءَاتَيْنَا بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ ٱلْكِتَٰبَ وَٱلْحُكْمَ وَٱلنُّبُوَّةَ وَرَزَقْنَٰهُم مِّنَ ٱلطَّيِّبَٰتِ وَفَضَّلْنَٰهُمْ عَلَى ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿١٦﴾

16. At katotohanang (noon pang una) ay Aming ipinagkaloob sa Angkan ng Israel ang Kasulatan at paghatol (pagkaunawa sa batas), at ang Pagka-propeta. Iginawad Namin sa kanila ang kanilang ikabubuhay, ang mga bagay na mainam at dalisay, at Aming ginawaran sila nang higit na biyaya sa lahat ng mga nilalang (sa kanilang panahon).

وَءَاتَيْنَٰهُم بَيِّنَٰتٍ مِّنَ ٱلْأَمْرِ ۖ فَمَا ٱخْتَلَفُوٓا۟ إِلَّا مِنۢ بَعْدِ مَا جَآءَهُمُ ٱلْعِلْمُ بَغْيًۢا بَيْنَهُمْ ۚ إِنَّ رَبَّكَ يَقْضِى بَيْنَهُمْ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ فِيمَا كَانُوا۟ فِيهِ يَخْتَلِفُونَ ﴿١٧﴾

17. At ibinigay Namin sa kanila ang Malilinaw na Katibayan tungkol sa bagay (ng relihiyon). At sila ay hindi nagkakaiba (sa relihiyon) maliban lamang nang matapos na dumatal ang karunungan sa kanila, dahilan sa mapanibughuing pagkapoot sa pagitan ng kanilang sarili. Katotohanan, ang iyong Panginoon ang huhusga sa kanila sa Araw ng Paghuhukom sa mga bagay na hindi nila pinagkakasunduan.

ثُمَّ جَعَلْنَٰكَ عَلَىٰ شَرِيعَةٍ مِّنَ ٱلْأَمْرِ فَٱتَّبِعْهَا وَلَا تَتَّبِعْ أَهْوَآءَ ٱلَّذِينَ لَا يَعْلَمُونَ ﴿١٨﴾

18. Kaya't inilagay ka Namin (O Muhammad) sa isang ipinag-utos na paraan (o landas) tungkol sa bagay (ng relihiyon). Kaya't sundin mo ang Landas (Kaisahan ni Allah at Islam), at huwag kang sumunod sa pagnanais ng mga walang kaalaman.

إِنَّهُمْ لَن يُغْنُوا۟ عَنكَ مِنَ ٱللَّهِ شَيْـًٔا ۚ وَإِنَّ ٱلظَّٰلِمِينَ بَعْضُهُمْ أَوْلِيَآءُ بَعْضٍ ۖ وَٱللَّهُ وَلِىُّ ٱلْمُتَّقِينَ ﴿١٩﴾

19. Katotohanang ikaw ay hindi nila mapapangibabawan laban kay Allah sa anupaman. Katiyakan, ang *Zalimun* (mga mapaggawa ng kasamaan, mapagsamba sa diyus-diyosan, buktot) ay mga *Auliya* (tagapangalaga, tagapagtanggol) sa isa't isa.

Datapuwa't si Allah ang *Wali* (Tagapangalaga, Tagapagtanggol) ng *Mutaqqun* (mga matutuwid at matimtimang tao na labis na nangangamba kay Allah at umiiwas sa lahat ng kasalanan at masasamang gawa, at nagmamahal kay Allah nang higit at nagsasagawa ng mabubuting gawa na ipinag-utos ni Allah).

هَٰذَا بَصَٰٓئِرُ لِلنَّاسِ وَهُدًى وَرَحْمَةٌ لِّقَوْمٍ يُوقِنُونَ ﴿٢٠﴾

20 Ito (ang Qur'an) ay maliwanag na pananaw at katibayan sa sangkatauhan, at isang Patnubay at Habag sa mga tao na may Matatag na Pananalig.

أَمْ حَسِبَ ٱلَّذِينَ ٱجْتَرَحُوا۟ ٱلسَّيِّـَٔاتِ أَن نَّجْعَلَهُمْ كَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ سَوَآءً مَّحْيَاهُمْ وَمَمَاتُهُمْ ۚ سَآءَ مَا يَحْكُمُونَ ﴿٢١﴾

21. Ano! Sila baga na nagsisigawa ng mga kasamaan ay nag-aakala na sila ay ituturing Namin na katulad ng mga nananampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at nagsisigawa ng kabutihan na maging magkatulad ang kanilang pangkasalukuyang buhay, at pagkatapos ng kamatayan? Tunay na kasamaan ang kahatulan na kanilang ginawa.

وَخَلَقَ ٱللَّهُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ بِٱلْحَقِّ وَلِتُجْزَىٰ كُلُّ نَفْسٍۭ بِمَا كَسَبَتْ وَهُمْ لَا يُظْلَمُونَ ﴿٢٢﴾

22. At nilikha ni Allah ang kalangitan at kalupaan ng may kapakinabangan, upang ang bawat kaluluwa ay makatagpo ng kabayaran sa kanyang kinita. At walang sinuman sa kanila ang hahatulan ng may kamalian.

أَفَرَءَيْتَ مَنِ ٱتَّخَذَ إِلَٰهَهُۥ هَوَىٰهُ وَأَضَلَّهُ ٱللَّهُ عَلَىٰ عِلْمٍ وَخَتَمَ عَلَىٰ سَمْعِهِۦ وَقَلْبِهِۦ وَجَعَلَ عَلَىٰ بَصَرِهِۦ غِشَٰوَةً فَمَن يَهْدِيهِ مِنۢ بَعْدِ ٱللَّهِ ۚ أَفَلَا تَذَكَّرُونَ ﴿٢٣﴾

23. Napagmamasdan mo ba siya na nagtuturing sa kanyang pagnanasa (walang kapararakang hangarin) bilang kanyang diyos? Si Allah na nakatatalos sa kanya ay hinayaan siya na naliligaw. At sinarhan Niya ang kanyang pandinig at kanyang puso (sa pang-unawa) at naglagay ng lambong sa kanyang paningin. Sino baga kaya ang makakapamatnubay sa kanya (pagkaraang alisin ni Allah ang Kanyang patnubay)? Kung gayon, hindi baga kayo mapapaalalahanan?

وَقَالُوا۟ مَا هِىَ إِلَّا حَيَاتُنَا ٱلدُّنْيَا نَمُوتُ وَنَحْيَا وَمَا يُهْلِكُنَآ إِلَّا ٱلدَّهْرُ ۚ وَمَا لَهُم بِذَٰلِكَ مِنْ عِلْمٍ ۖ إِنْ هُمْ إِلَّا يَظُنُّونَ ﴿٢٤﴾

24. At sila ay nagsasabi: "Mayroon pa ba kayang ibang buhay maliban sa aming buhay sa mundong ito? Kami ay mamamatay at kami ay nabubuhay at tanging Panahon lamang ang makasisira sa amin." Datapuwa't kung tungkol dito (Kabilang Buhay), sila ay walang kaalaman, bagkus, sila ay naghahaka-haka lamang.

وَإِذَا تُتْلَىٰ عَلَيْهِمْ ءَايَٰتُنَا بَيِّنَٰتٍ مَّا كَانَ حُجَّتَهُمْ إِلَّآ أَن قَالُوا۟ ٱئْتُوا۟ بِـَٔابَآئِنَآ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿٢٥﴾

25. At kung ang Aming mga Talata ay dinadalit sa kanila bilang malilinaw na katibayan, ang kanilang panambitan ay walang iba kundi ito: "Ibalik mong muli ang aming mga (patay) na ninuno (sa pagkabuhay), kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan!"

قُلِ ٱللَّهُ يُحْيِيكُمْ ثُمَّ يُمِيتُكُمْ ثُمَّ يَجْمَعُكُمْ إِلَىٰ يَوْمِ ٱلْقِيَٰمَةِ لَا رَيْبَ فِيهِ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَ ٱلنَّاسِ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٢٦﴾

26. Ipagbadya (sa kanila): "Si Allah ang naggawad sa inyo ng buhay, at Siya rin ang magkakaloob sa inyo ng kamatayan. Siya rin ang magtitipon sa inyo sa Araw ng Paghuhukom (Araw ng Muling Pagkabuhay) na walang alinlangan. Datapuwa't ang karamihan ng mga tao ay hindi nakakaalam.

وَلِلَّهِ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ وَيَوْمَ تَقُومُ ٱلسَّاعَةُ يَوْمَئِذٍ يَخْسَرُ ٱلْمُبْطِلُونَ ﴿٢٧﴾

27. Kay Allah lamang ang pag-aangkin ng Kapamahalaan (Kaharian) ng kalangitan at kalupaan. At sa Araw na ang Oras (ng Paghuhukom) ay lilitaw, sa Araw na yaon ang mga bulaan (sinungaling, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig) ay matatalo.

وَتَرَىٰ كُلَّ أُمَّةٍ جَاثِيَةً ۚ كُلُّ أُمَّةٍ تُدْعَىٰٓ إِلَىٰ كِتَٰبِهَا ٱلْيَوْمَ تُجْزَوْنَ مَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٢٨﴾

28. At inyong mapagmamalas na ang bawat bansa (pamayanan) ay mangangayupapa sa kanyang mga tuhod (na nakaluhod), ang bawat bansa ay tatawagin sa kanyang Talaan (ng mga gawa). "Sa Araw na ito, kayo ay babayaran sa lahat ng inyong mga ginawa."

هَٰذَا كِتَٰبُنَا يَنطِقُ عَلَيْكُم بِٱلْحَقِّ ۚ إِنَّا كُنَّا نَسْتَنسِخُ مَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٢٩﴾

29 "Naririto, ang Aming Talaan ay magpapahayag sa inyo ng may katotohanan, sapagkat katotohanang hindi Kami nakaligta na ilagay sa Talaan (ang Aming mga anghel ay nagtatala ng inyong mga gawa) ang lahat-lahat ng inyong mga ginawa."

فَأَمَّا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ فَيُدْخِلُهُمْ رَبُّهُمْ فِى رَحْمَتِهِۦ ۚ ذَٰلِكَ هُوَ ٱلْفَوْزُ ٱلْمُبِينُ ﴿٣٠﴾

30. At sa mga nagsisampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) at nagsigawa ng kabutihan, sila ay tatanggapin ng kanilang Panginoon sa Kanyang Habag. Ito ang Pinakamataas na Tagumpay.

وَأَمَّا ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ أَفَلَمْ تَكُنْ ءَايَٰتِى تُتْلَىٰ عَلَيْكُمْ فَٱسْتَكْبَرْتُمْ وَكُنتُمْ قَوْمًا مُّجْرِمِينَ ﴿٣١﴾

31. Datapuwa't sa mga nagsipagtakwil kay Allah, (sa kanila ay ipahahayag): "Hindi baga ang Aming mga Talata ay dinalit sa inyo? Datapuwa't kayo ay mapagmataas, at kayo ay mga tao na naging makasalanan (walang pananalig, mapagsamba sa mga diyus-diyosan, kriminal)."

وَإِذَا قِيلَ إِنَّ وَعْدَ ٱللَّهِ حَقٌّ وَٱلسَّاعَةُ لَا رَيْبَ فِيهَا قُلْتُم مَّا نَدْرِى مَا ٱلسَّاعَةُ إِن نَّظُنُّ إِلَّا ظَنًّا وَمَا نَحْنُ بِمُسْتَيْقِنِينَ ﴿٣٢﴾

32 At nang ito ay ipahayag: "Katiyakan! Ang pangako ni Allah ay totoo at ang sandali nang pagdatal ng Oras ay walang pasubali." Kayo ay nagsasabi: "Hindi namin alam kung ano ang Takdang Oras. Itinuturing lamang namin ito na isang haka-haka, at kami ay walang ganap na katiyakan (dito)."

وَبَدَا لَهُمْ سَيِّـَٔاتُ مَا عَمِلُوا۟ وَحَاقَ بِهِم مَّا كَانُوا۟ بِهِۦ يَسْتَهْزِءُونَ ﴿٣٣﴾

33. At sa kanila ay matatambad ang masasamang bunga ng kanilang ginawa, at sila ay lubusang mapapaligiran ng mga bagay na kanilang kinukutya!

وَقِيلَ ٱلْيَوْمَ نَنسَىٰكُمْ كَمَا نَسِيتُمْ لِقَآءَ يَوْمِكُمْ هَٰذَا وَمَأْوَىٰكُمُ ٱلنَّارُ وَمَا لَكُم مِّن نَّٰصِرِينَ ﴿٣٤﴾

34 Gayundin naman, sa kanila ay ipagbabadya: "Sa Araw na ito ay Aming kakaligtaan kayo kung paano rin naman hindi ninyo binigyang-pansin ang Araw ng Pakikipagtipan. Ang inyong pananahanan ay Apoy at walang sinuman ang makatutulong sa inyo!"

ذَٰلِكُم بِأَنَّكُمُ ٱتَّخَذْتُمْ ءَايَٰتِ ٱللَّهِ هُزُوًا وَغَرَّتْكُمُ ٱلْحَيَوٰةُ ٱلدُّنْيَا ۚ فَٱلْيَوْمَ لَا يُخْرَجُونَ مِنْهَا وَلَا هُمْ يُسْتَعْتَبُونَ ﴿٣٥﴾

35. Sapagkat kayo ay namihasang magturing sa mga Talata ni Allah (ang Qur'an) bilang katuwaan, at ang buhay sa mundong ito ang dumaya sa inyo. Kaya't mula sa Araw na ito, sila ay hindi na maiaalis pa rito (Impiyerno), ni hindi na makakabalik sa makamundong buhay upang magsisi kay Allah (at manikluhod ng Kanyang Kapatawaran sa kanilang mga kasalanan).

فَلِلَّهِ ٱلْحَمْدُ رَبِّ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَرَبِّ ٱلْأَرْضِ رَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٣٦﴾

36. Kaya't ang lahat ng Pagpupuri at Pasasalamat ay kay Allah lamang, ang Panginoon ng kalangitan at Panginoon ng kalupaan at Panginoon ng lahat ng mga nilalang.

وَلَهُ ٱلْكِبْرِيَآءُ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ وَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٣٧﴾

37. At tanging sa Kanya (lamang) ang pag-aangkin ng Kapamahalaan (Kamahalan) sa kalangitan at kalupaan, at Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

Surah 46

Surat Al-Ahqaf
(Ang Liku-likong Landas)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ha, Mim. (Mga titik Ha, Ma. Ito ay isa sa mga milagro ng Qur'an at tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan).

حمٓ ﴿١﴾

2. Ang kapahayagan ng Aklat (ang Qur'an) ay mula kay Allah, ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

تَنزِيلُ ٱلْكِتَٰبِ مِنَ ٱللَّهِ ٱلْعَزِيزِ ٱلْحَكِيمِ ﴿٢﴾

3. Hindi Namin nilikha ang kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito maliban sa katotohanan at sa isang natatakdaang panahon, datapuwa't sila na nagtatakwil sa pananampalataya ay tumatalikod sa bagay na sila ay binabalaan.

مَا خَلَقْنَا ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ وَمَا بَيْنَهُمَآ إِلَّا بِٱلْحَقِّ وَأَجَلٍ مُّسَمًّى ۚ وَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ عَمَّآ أُنذِرُوا۟ مُعْرِضُونَ ﴿٣﴾

4. Ipagbadya (O Muhammad): "Hindi baga ninyo isinasaalang-alang yaong inyong pinananalanginan maliban pa kay Allah? Ipamalas ninyo sa akin kung ano ang kanilang nilikha sa kalupaan? O sila ba ay may bahagi (sa paglikha) sa kalangitan? Dalhin ninyo sa Akin ang isang Aklat (na ipinahayag) nang una pa rito, o nang anumang latak ng karunungan (na mayroon kayo), kung kayo ay nagpapahayag ng katotohanan!"

قُلْ أَرَءَيْتُم مَّا تَدْعُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ ۖ أَرُونِى مَاذَا خَلَقُوا۟ مِنَ ٱلْأَرْضِ أَمْ لَهُمْ شِرْكٌ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ ۖ ٱئْتُونِى بِكِتَٰبٍ مِّن قَبْلِ هَٰذَآ أَوْ أَثَٰرَةٍ مِّنْ عِلْمٍ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿٤﴾

5. At sino baga kaya ang higit na napapaligaw maliban sa kanya na nananawagan sa iba maliban pa kay Allah, (sa kanila) na hindi makapagbibigay sa kanya ng kasagutan hanggang sa Araw ng Paghuhukom, at hindi (man lamang) nakakaalam sa kanilang mga panawagan (sa kanila)?

وَمَنْ أَضَلُّ مِمَّن يَدْعُوا۟ مِن دُونِ ٱللَّهِ مَن لَّا يَسْتَجِيبُ لَهُۥٓ إِلَىٰ يَوْمِ ٱلْقِيَٰمَةِ وَهُمْ عَن دُعَآئِهِمْ غَٰفِلُونَ ﴿٥﴾

6. At kung ang sangkatauhan ay tipunin nang sama-sama (sa Araw ng Muling Pagkabuhay), sila (na mga huwad na diyus-diyosan) ay magiging

وَإِذَا حُشِرَ ٱلنَّاسُ كَانُوا۟ لَهُمْ أَعْدَآءً وَكَانُوا۟ بِعِبَادَتِهِمْ كَٰفِرِينَ ﴿٦﴾

mabagsik sa kanila (bilang kaaway) at itatatwa nila ang pagsamba (ng mga tao) sa kanila.

7. At kung ang Aming Maliliwanag na Talata ay dinadalit sa kanila, ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi kung ang katotohanan (ang Qur'an) ay sumapit sa kanila: "Ito ay maliwanag na salamangka!"

وَإِذَا تُتْلَىٰ عَلَيْهِمْ ءَايَٰتُنَا بَيِّنَٰتٍ قَالَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لِلْحَقِّ لَمَّا جَآءَهُمْ هَٰذَا سِحْرٌ مُّبِينٌ ﴿٧﴾

8. O sila ba ay nagsasabi: "Kinatha (hinuwad, kinopya) lamang niya (Muhammad) ito!" Ipagbadya: "Kung kinatha ko lamang ito, magkagayunman, kayo ay hindi makapag-aangkin para sa akin (ng kapangyarihan ng pangangalaga) kay Allah sa anupaman. Lubos Niyang batid kung ano ang inyong pinag-uusapan tungkol dito (Qur'an). Sapat na Siya bilang isang Saksi sa pagitan ko at ninyo! At Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain."

أَمْ يَقُولُونَ ٱفْتَرَىٰهُ ۖ قُلْ إِنِ ٱفْتَرَيْتُهُۥ فَلَا تَمْلِكُونَ لِى مِنَ ٱللَّهِ شَيْـًٔا ۖ هُوَ أَعْلَمُ بِمَا تُفِيضُونَ فِيهِ ۖ كَفَىٰ بِهِۦ شَهِيدًۢا بَيْنِى وَبَيْنَكُمْ ۖ وَهُوَ ٱلْغَفُورُ ٱلرَّحِيمُ ﴿٨﴾

9. Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay hindi naiiba sa mga Sugo (ni Allah, at ako ay hindi unang Sugo), gayundin ay hindi ko nalalaman kung ano ang magaganap sa akin o sa inyo. Sinusunod ko lamang kung ano ang ipinahayag sa akin at ako ay isa lamang lantad na Tagapagbabala.

قُلْ مَا كُنتُ بِدْعًا مِّنَ ٱلرُّسُلِ وَمَآ أَدْرِى مَا يُفْعَلُ بِى وَلَا بِكُمْ ۖ إِنْ أَتَّبِعُ إِلَّا مَا يُوحَىٰٓ إِلَىَّ وَمَآ أَنَا۠ إِلَّا نَذِيرٌ مُّبِينٌ ﴿٩﴾

10. Ipagbadya: "Hindi baga kayo nagsasaalang-alang? Kung ang aral na ito (ang Qur'an) ay mula kay Allah, at itinatakwil ninyo ito, at ang isang saksi mula sa Angkan ng Israel (Abdullah bin Salam) ay nagpapatunay na ang Qur'an (na ito) ay mula kay Allah (na nakakahawig ng *Torah*, ang naunang Kasulatan), at sumampalataya rito (yumakap sa Islam), habang kayo ay lubhang mapagpaimbabaw (upang manalig)." Katotohanang si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na *Zalimun* (mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig, mapaggawa ng kamalian, hindi makatarungan).

قُلْ أَرَءَيْتُمْ إِن كَانَ مِنْ عِندِ ٱللَّهِ وَكَفَرْتُم بِهِۦ وَشَهِدَ شَاهِدٌ مِّنۢ بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ عَلَىٰ مِثْلِهِۦ فَـَٔامَنَ وَٱسْتَكْبَرْتُمْ ۖ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهْدِى ٱلْقَوْمَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿١٠﴾

11. Ang mga hindi sumasampalataya ay nagsasabi sa mga sumasampalataya: "Kung ito (ang Qur'an, ang Islam) ay (tunay) na mabuti,

وَقَالَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لِلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَوْ كَانَ خَيْرًا مَّا سَبَقُونَآ إِلَيْهِ ۚ وَإِذْ لَمْ يَهْتَدُوا۟ بِهِۦ

hindi sila dapat na manguna sa amin tungkol dito! At nang hindi nila hinayaan na ang kanilang sarili ay mapatnubayan (ng Qur'an), sila ay nagsasabi: "Ito ay isang sinaunang kasinungalingan!"

فَسَيَقُولُونَ هَٰذَآ إِفْكٌ قَدِيمٌ ﴿١١﴾

12. At bago pa rito ay (mayroong) Aklat ni Moises bilang isang patnubay at habag, at ang Aklat na ito (ang Qur'an) sa wikang Arabik ang nagpapatotoo (roon sa unang Aklat), upang mapaalalahanan ang mga hindi makatarungan, at bilang isang magandang balita sa mga nagsisigawa ng kabutihan.

وَمِن قَبْلِهِۦ كِتَٰبُ مُوسَىٰٓ إِمَامًا وَرَحْمَةً ۚ وَهَٰذَا كِتَٰبٌ مُّصَدِّقٌ لِّسَانًا عَرَبِيًّا لِّيُنذِرَ ٱلَّذِينَ ظَلَمُوا۟ وَبُشْرَىٰ لِلْمُحْسِنِينَ ﴿١٢﴾

13. Katotohanan, sila na nagsasabi: "Ang aming Panginoon ay (tanging) si Allah", at sa ganito ay nananatiling matimtiman (at naninindigan nang matatag at matuwid sa tamang landas, sa Pananalig sa Islam at Kaisahan ni Allah, at nagsisigawa ng kabutihan at umiiwas sa lahat ng mga kasalanan), sa kanila ay walang pangangamba, gayundin sila ay hindi mamimighati.

إِنَّ ٱلَّذِينَ قَالُوا۟ رَبُّنَا ٱللَّهُ ثُمَّ ٱسْتَقَٰمُوا۟ فَلَا خَوْفٌ عَلَيْهِمْ وَلَا هُمْ يَحْزَنُونَ ﴿١٣﴾

14. Sila ang magsisipanahan sa Halamanan (Paraiso), at mananatili rito ng walang hanggan, bilang isang kabayaran sa kanilang mababuting gawa.

أُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلْجَنَّةِ خَٰلِدِينَ فِيهَا جَزَآءًۢ بِمَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿١٤﴾

15. At Aming itinagubilin sa tao ang magpakita ng kabutihan at pagkamasunurin sa kanyang magulang. Sa pagbabata ng sakit, ang kanyang ina ay nagdalang-tao sa kanya, at sa hirap ay (kanyang) isinilang siya. Ang pagpapalaki (pagpapasuso) sa kanya (bata) sa loob ng tatlumpung buwan, at sa kalaunan, kung siya ay sumapit na sa gulang ng hustong lakas at dumating na sa apatnapung taon, siya ay nagsasabi: "O aking Panginoon! Ako ay gawaran Ninyo ng lakas at kakayahan upang ako ay magkaroon ng pasasalamat sa Inyong mga biyaya na Inyong iginawad sa akin at sa aking magulang, at upang ako ay makagawa ng kabutihan, na magiging kalugud-lugod sa Inyo, at gayundin naman, na ang aking mga anak ay maging mabuti. Katotohanang ako ay naninikluhod sa Inyo sa pagsisisi, at

وَوَصَّيْنَا ٱلْإِنسَٰنَ بِوَٰلِدَيْهِ إِحْسَٰنًا ۖ حَمَلَتْهُ أُمُّهُۥ كُرْهًا وَوَضَعَتْهُ كُرْهًا ۖ وَحَمْلُهُۥ وَفِصَٰلُهُۥ ثَلَٰثُونَ شَهْرًا ۚ حَتَّىٰٓ إِذَا بَلَغَ أَشُدَّهُۥ وَبَلَغَ أَرْبَعِينَ سَنَةً قَالَ رَبِّ أَوْزِعْنِىٓ أَنْ أَشْكُرَ نِعْمَتَكَ ٱلَّتِىٓ أَنْعَمْتَ عَلَىَّ وَعَلَىٰ وَٰلِدَىَّ وَأَنْ أَعْمَلَ صَٰلِحًا تَرْضَىٰهُ وَأَصْلِحْ لِى فِى ذُرِّيَّتِىٓ ۖ إِنِّى تُبْتُ إِلَيْكَ وَإِنِّى مِنَ ٱلْمُسْلِمِينَ ﴿١٥﴾

katotohanan na isa ako sa mga *Muslim* (na tumatalima sa Inyong kalooban)."

أُولَٰئِكَ الَّذِينَ نَتَقَبَّلُ عَنْهُمْ أَحْسَنَ مَا عَمِلُوا وَنَتَجَاوَزُ عَن سَيِّئَاتِهِمْ فِي أَصْحَابِ الْجَنَّةِ ۖ وَعْدَ الصِّدْقِ الَّذِي كَانُوا يُوعَدُونَ ﴿١٦﴾

16. Sila (ang mga tao) na tatanggapin Namin ang kanilang mabubuting gawa at kaliligtaan Namin ang kanilang masasamang gawa. Sila ang mananahan sa Paraiso, isang pangako ng katotohanan na sa kanila ay (Aming) ipinangako.

وَالَّذِي قَالَ لِوَالِدَيْهِ أُفٍّ لَّكُمَا أَتَعِدَانِنِي أَنْ أُخْرَجَ وَقَدْ خَلَتِ الْقُرُونُ مِن قَبْلِي وَهُمَا يَسْتَغِيثَانِ اللَّهَ وَيْلَكَ آمِنْ إِنَّ وَعْدَ اللَّهِ حَقٌّ فَيَقُولُ مَا هَٰذَا إِلَّا أَسَاطِيرُ الْأَوَّلِينَ ﴿١٧﴾

17. Datapuwa't siya na nagsasabi sa kanyang magulang: "*Uff* (isang salita ng pagkasuya at pagkainis) sa inyo! Ipinapangako ba ninyo sa akin na ako ay muling ilalabas (ibabangon) [mula sa kalupaan matapos ang kamatayan], kahima't ang maraming sali't saling lahi ay namatay na noon pang una (na hindi naman nagbangon sa muling pagkabuhay)?" At sila ay nanalangin ng tulong ni Allah (at sumalansang sa kanilang anak): "Kasawian sa iyo! Magkaroon ka ng pananalig! Katiyakan, ang pangako ni Allah ay katotohanan." Subalit siya ay nagsabi: "Ito ay wala ng iba maliban sa mga kuwento ng panahong sinauna!"

أُولَٰئِكَ الَّذِينَ حَقَّ عَلَيْهِمُ الْقَوْلُ فِي أُمَمٍ قَدْ خَلَتْ مِن قَبْلِهِم مِّنَ الْجِنِّ وَالْإِنسِ ۖ إِنَّهُمْ كَانُوا خَاسِرِينَ ﴿١٨﴾

18. Sila yaong ang Salita (ng Kaparusahan) laban sa kanila ay makatwiran sa lipon ng mga nakaraang henerasyon ng mga *Jinn* at tao na nangamatay na. Katotohanang sila ang mga talunan.

وَلِكُلٍّ دَرَجَاتٌ مِّمَّا عَمِلُوا ۖ وَلِيُوَفِّيَهُمْ أَعْمَالَهُمْ وَهُمْ لَا يُظْلَمُونَ ﴿١٩﴾

19. At sa lahat ay mayroon mga antas ayon sa kanilang mga ginawa, upang Kanyang (Allah) magantimpalaan sila nang ganap sa kanilang mga gawa, at walang anumang di-katarungan ang igagawad sa kanila.

وَيَوْمَ يُعْرَضُ الَّذِينَ كَفَرُوا عَلَى النَّارِ أَذْهَبْتُمْ طَيِّبَاتِكُمْ فِي حَيَاتِكُمُ الدُّنْيَا وَاسْتَمْتَعْتُم بِهَا ۖ فَالْيَوْمَ تُجْزَوْنَ عَذَابَ الْهُونِ بِمَا كُنتُمْ تَسْتَكْبِرُونَ فِي الْأَرْضِ بِغَيْرِ الْحَقِّ وَبِمَا كُنتُمْ تَفْسُقُونَ ﴿٢٠﴾

20. At sa Araw na ang mga hindi sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam) ay itatambad sa Apoy, (sa kanila ay ipahahayag): "Inaksaya ninyo ang inyong mabubuting bagay sa buhay sa mundong ito at nagpakasaya kayo dito. Ngayon, sa Araw na ito, kayo ay susuklian ng kabayaran ng may parusa ng kaabahan sapagkat kayo ay naging mayabang, na walang karapatan sa kalupaan at sapagkat kayo ay tandisang sumuway at naghimagsik (kay Allah)."

۞ وَٱذْكُرْ أَخَا عَادٍ إِذْ أَنذَرَ قَوْمَهُۥ بِٱلْأَحْقَافِ وَقَدْ خَلَتِ ٱلنُّذُرُ مِنۢ بَيْنِ يَدَيْهِ وَمِنْ خَلْفِهِۦٓ أَلَّا تَعْبُدُوٓا۟ إِلَّا ٱللَّهَ إِنِّىٓ أَخَافُ عَلَيْكُمْ عَذَابَ يَوْمٍ عَظِيمٍ ﴿٢١﴾

21. At gunitain (O Muhammad) ang isang kapatid na lalaki ng pamayanan ng A'ad (alalaong baga, si propeta Hud), nang pagsabihan niya ang kanyang mga tao (sa dako) ng *Al-Ahqaf* (ang liku-likong landas at mabuhanging burol sa bahaging timog ng kalupaang Arabe). At katiyakang mayroon din silang mga Tagapagpaala-ala na pumanaw na bago pa sa kanya (na nagsasabi): "Sambahin ninyo si Allah at wala ng iba, katotohanang pinangangambahan ko sa inyo ang kaparusahan ng Dakilang Araw."

قَالُوٓا۟ أَجِئْتَنَا لِتَأْفِكَنَا عَنْ ءَالِهَتِنَا فَأْتِنَا بِمَا تَعِدُنَآ إِن كُنتَ مِنَ ٱلصَّٰدِقِينَ ﴿٢٢﴾

22. Sila ay nagsasabi: "Ikaw ba ay naparito upang aming talikdan ang aming mga diyos? Kung gayon, ganapin mo sa amin (ang kapinsalaan o kalamidad) na iyong ipinananakot sa amin kung ikaw ay nagsasabi ng katotohanan!"

قَالَ إِنَّمَا ٱلْعِلْمُ عِندَ ٱللَّهِ وَأُبَلِّغُكُم مَّآ أُرْسِلْتُ بِهِۦ وَلَٰكِنِّىٓ أَرَىٰكُمْ قَوْمًا تَجْهَلُونَ ﴿٢٣﴾

23. Ipinagbadya niya (Muhammad): "Ang Karunungan (kung kailan darating ang Araw na ito) ay na kay Allah lamang. Ipinahahayag ko sa inyo ang tungkol (sa bagay) na ipinadala sa akin, datapuwa't nakikita ko na kayo ay mga tao na walang kaalaman!"

فَلَمَّا رَأَوْهُ عَارِضًا مُّسْتَقْبِلَ أَوْدِيَتِهِمْ قَالُوا۟ هَٰذَا عَارِضٌ مُّمْطِرُنَا ۚ بَلْ هُوَ مَا ٱسْتَعْجَلْتُم بِهِۦ ۖ رِيحٌ فِيهَا عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٢٤﴾

24. At nang kanilang mamasdan ang makapal na ulap na pasadsad sa kanilang kapatagan, sila ay nagsabi: "Ang ulap na ito ay magbibigay sa atin ng ulan!" Hindi; ngunit ito (ay ang kalamidad o kaparusahan) na inyong hinahangad na madaliin! Isang hangin na may Kasakit-sakit na Kaparusahan!

تُدَمِّرُ كُلَّ شَىْءٍۭ بِأَمْرِ رَبِّهَا فَأَصْبَحُوا۟ لَا يُرَىٰٓ إِلَّا مَسَٰكِنُهُمْ ۚ كَذَٰلِكَ نَجْزِى ٱلْقَوْمَ ٱلْمُجْرِمِينَ ﴿٢٥﴾

25. Ang lahat ay mawawasak nito sa pag-uutos ng kanyang Panginoon! At sa kinaumagahan, walang mapagmamalas sa kanila maliban sa kanilang wasak na tirahan! Sa ganito Namin sinusuklian ang mga tao na makasalanan (mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig, tampalasan)!

وَلَقَدْ مَكَّنَّٰهُمْ فِيمَآ إِن مَّكَّنَّٰكُمْ فِيهِ وَجَعَلْنَا لَهُمْ سَمْعًا وَأَبْصَٰرًا وَأَفْـِٔدَةً فَمَآ أَغْنَىٰ عَنْهُمْ سَمْعُهُمْ وَلَآ أَبْصَٰرُهُمْ وَلَآ أَفْـِٔدَتُهُم

26. At katiyakan, Aming ginawaran sila ng kasaganaan at kapangyarihan na hindi Namin naigawad sa inyo (O Quraish)! At ipinagkaloob Namin sa kanila ang kanilang pandinig (mga

مِّن شَيْءٍ إِذْ كَانُوا۟ يَجْحَدُونَ بِـَٔايَـٰتِ ٱللَّهِ وَحَاقَ بِهِم مَّا كَانُوا۟ بِهِۦ يَسْتَهْزِءُونَ ﴿٢٦﴾

tainga), pangmasid (mga mata), puso at katalinuhan, datapuwa't walang naging kapakinabangan sa kanila ang kanilang pandinig, pangmasid, puso at katalinuhan nang sila ay magpatuloy sa hindi pagtanggap sa Tanda ni Allah (katibayan, kapahayagan, aral, tanda), at sila ay nalukuban ng bagay na nakahiratihan na nilang nililibak!

وَلَقَدْ أَهْلَكْنَا مَا حَوْلَكُم مِّنَ ٱلْقُرَىٰ وَصَرَّفْنَا ٱلْـَٔايَـٰتِ لَعَلَّهُمْ يَرْجِعُونَ ﴿٢٧﴾

27. At katotohanang winasak Namin noon pa mang una ang mga bayan (pamayanan) sa paligid ninyo, at (paulit-ulit) na ipinamalas Namin ang mga Tanda (katibayan, kapahayagan, aral) sa kanila sa iba't ibang paraan upang sila ay magbalik-loob sa Amin (sa Katotohanan at sa Kaisahan ni Allah at sa Islam).

فَلَوْلَا نَصَرَهُمُ ٱلَّذِينَ ٱتَّخَذُوا۟ مِن دُونِ ٱللَّهِ قُرْبَانًا ءَالِهَةً ۖ بَلْ ضَلُّوا۟ عَنْهُمْ ۚ وَذَٰلِكَ إِفْكُهُمْ وَمَا كَانُوا۟ يَفْتَرُونَ ﴿٢٨﴾

28. Bakit kaya walang dumaratal na tulong para sa kanila mula sa mga sinasamba nilang diyos maliban pa kay Allah, bilang isang paraan nang paglapit (kay Allah)? Hindi; ganap silang naglaho sa kanila (nang dumating ang kaparusahan). At ito ang kanilang kasinungalingan at mga gawang kabulaanan na pinagtagni-tagni lamang (mula sa wala, bago dumating ang kanilang pagkawasak).

وَإِذْ صَرَفْنَآ إِلَيْكَ نَفَرًا مِّنَ ٱلْجِنِّ يَسْتَمِعُونَ ٱلْقُرْءَانَ فَلَمَّا حَضَرُوهُ قَالُوٓا۟ أَنصِتُوا۟ ۖ فَلَمَّا قُضِىَ وَلَّوْا۟ إِلَىٰ قَوْمِهِم مُّنذِرِينَ ﴿٢٩﴾

29. (At alalahanin) nang isinugo Namin sa iyo (O Muhammad) ang iilan (tatlo hanggang sampu) mula sa lipon ng *Jinn* (na tahimik) na nakikinig sa Qur'an, at kung sila ay nakatindig (habang ito ay binabasa), sila ay nagsasabi: "Makinig nang tahimik!" At kung ang pagdalit ay natapos na, sila ay nagsisibalik sa kanilang pamayanan upang sila ay bigyan ng babala.

قَالُوا۟ يَـٰقَوْمَنَآ إِنَّا سَمِعْنَا كِتَـٰبًا أُنزِلَ مِنۢ بَعْدِ مُوسَىٰ مُصَدِّقًا لِّمَا بَيْنَ يَدَيْهِ يَهْدِىٓ إِلَى ٱلْحَقِّ وَإِلَىٰ طَرِيقٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿٣٠﴾

30. Sila ay nagsasabi: "O aming pamayanan! Katotohanang aming napakinggan ang Aklat (Qur'an) na ipinanaog pagkatapos ni Moises, na nagpapatotoo sa mga ipinahayag bago pa rito. Ito ay namamatnubay sa Katotohanan at sa Matuwid na Landas (Islam).

يَـٰقَوْمَنَآ أَجِيبُوا۟ دَاعِىَ ٱللَّهِ وَءَامِنُوا۟ بِهِۦ يَغْفِرْ لَكُم مِّن ذُنُوبِكُمْ وَيُجِرْكُم مِّنْ عَذَابٍ أَلِيمٍ ﴿٣١﴾

31. O aming pamayanan! Magsitugon kayo (ng may pagsunod) sa kanya (Muhammad) na nag-aanyaya sa inyo tungo kay Allah, at manalig kayo sa kanya (paniwalaan ang mga ipinadala sa

kanya mula kay Allah at sundin siya). Siya (Allah) ay magpapatawad sa inyong mga kamalian at Kanyang iaadya kayo sa kasakit-sakit na kaparusahan (Impiyerno)."

وَمَن لَّا يُجِبْ دَاعِيَ ٱللَّهِ فَلَيْسَ بِمُعْجِزٍ فِي ٱلْأَرْضِ وَلَيْسَ لَهُۥ مِن دُونِهِۦٓ أَوْلِيَآءُ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ فِى ضَلَٰلٍ مُّبِينٍ ﴿٣٢﴾

32. At sinuman ang hindi tumugon sa Tagatawag (Tagapag-anyaya) ni Allah, siya ay hindi makatatakas sa kalupaan at walang sinumang tagapagtanggol (tagapangalaga) ang makapagliligtas sa kanya (sa kaparusahan) maliban kay Allah. Sila ang nasa maliwanag na kamalian.

أَوَلَمْ يَرَوْا۟ أَنَّ ٱللَّهَ ٱلَّذِى خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ وَلَمْ يَعْىَ بِخَلْقِهِنَّ بِقَٰدِرٍ عَلَىٰٓ أَن يُحْۦِىَ ٱلْمَوْتَىٰ ۚ بَلَىٰٓ إِنَّهُۥ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿٣٣﴾

33. Hindi baga nila napagtatanto na si Allah, na Siyang lumikha ng kalangitan at kalupaan, at hindi kailanman napapagal sa Kanyang mga likha ay makapangyayaring magbigay-buhay sa mga patay? Tunay nga, Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

وَيَوْمَ يُعْرَضُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ عَلَى ٱلنَّارِ أَلَيْسَ هَٰذَا بِٱلْحَقِّ ۖ قَالُوا۟ بَلَىٰ وَرَبِّنَا ۚ قَالَ فَذُوقُوا۟ ٱلْعَذَابَ بِمَا كُنتُمْ تَكْفُرُونَ ﴿٣٤﴾

34. At sa Araw na ang mga hindi sumasampalataya ay itatambad sa harap ng Apoy, (sila ay tatanungin): "Hindi baga ito ang katotohanan?". Sila ay magsisipakli: "Tunay nga, kami ay nagpapatotoo sa aming Panginoon!" (Si Allah ay magwiwika): "Kung gayon, inyong tamasahin ang kaparusahan sapagkat kayo ay hindi nagsisampalataya!"

فَٱصْبِرْ كَمَا صَبَرَ أُو۟لُوا۟ ٱلْعَزْمِ مِنَ ٱلرُّسُلِ وَلَا تَسْتَعْجِل لَّهُمْ ۚ كَأَنَّهُمْ يَوْمَ يَرَوْنَ مَا يُوعَدُونَ لَمْ يَلْبَثُوٓا۟ إِلَّا سَاعَةً مِّن نَّهَارٍ ۚ بَلَٰغٌ ۚ فَهَلْ يُهْلَكُ إِلَّا ٱلْقَوْمُ ٱلْفَٰسِقُونَ ﴿٣٥﴾

35. Kaya't maging matiyaga ka (O Muhammad) na kagaya rin nang ginawa (noon) ng mga Sugo na may matatag na hangarin, at huwag kang mawalan ng pasensiya sa mga hindi sumasampalataya. Sa Araw na kanilang mamamasdan (ang kaparusahan) na ipinangako sa kanila, (rito ay wari bang) sila ay hindi man lamang nagtagal ng isang oras sa buong maghapon. (Ang iyong tungkulin) ay upang ihatid lamang ang Paala-ala. (O sangkatauhan, ang Qur'an na ito ay isang maliwanag na Tagubilin o Pahayag upang iligtas ninyo ang inyong sarili sa pagkawasak). Datapuwa't walang mawawasak maliban sa mga mapaghimagsik (kay Allah at lumalabag sa pagmamalabis).



Surah 47

Surat Muhammad
(Propeta Muhammad)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Sila na nagtatakwil (sa Kaisahan ni Allah at sa Mensahe ni Propeta Muhammad) at humahadlang sa mga tao tungo sa landas ni Allah, sa Islam, ang kanilang mga gawa ay hindi magwawagi kay Allah.

ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَصَدُّوا۟ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ أَضَلَّ أَعْمَٰلَهُمْ ﴿١﴾

2. Datapuwa't sila na mga sumasampalataya at nagsisigawa ng kabutihan at nananalig sa kapahayagan na ipinanaog kay Muhammad, - sapagkat ito ang katotohanan mula sa kanilang Panginoon, ay papawiin Niya sa kanila ang kanilang mga kasalanan at pagdurusa at pag-iibayuhin Niya ang kanilang kalagayan na maging mainam.

وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ وَءَامَنُوا۟ بِمَا نُزِّلَ عَلَىٰ مُحَمَّدٍ وَهُوَ ٱلْحَقُّ مِن رَّبِّهِمْ ۙ كَفَّرَ عَنْهُمْ سَيِّـَٔاتِهِمْ وَأَصْلَحَ بَالَهُمْ ﴿٢﴾

3. Sapagkat sila na nagtatakwil kay Allah ay sumusunod sa kabulaanan, ngunit sila na sumasampalataya ay sumusunod sa Katotohanan mula sa kanilang Panginoon. Sa ganitong pagtutulad ay ipinadarama ni Allah sa mga tao ang mga ito upang sa kanila ay maging aral.

ذَٰلِكَ بِأَنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ ٱتَّبَعُوا۟ ٱلْبَٰطِلَ وَأَنَّ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱتَّبَعُوا۟ ٱلْحَقَّ مِن رَّبِّهِمْ ۚ كَذَٰلِكَ يَضْرِبُ ٱللَّهُ لِلنَّاسِ أَمْثَٰلَهُمْ ﴿٣﴾

4. Kaya't kung inyong makaharap sa labanan (*Jihad*, maka-Diyos na pakikibaka tungo sa Kapakanan ni Allah) ang mga hindi sumasampalataya, hampasin ninyo ang kanilang leeg hanggang (sa kalaunan) kung ang karamihan sa kanila ay inyo nang napatay o nasugatan, sila ay inyong talian ng panggapos nang mahigpit (alalaong baga, sila ay gawin ninyong bihag). Sa gayon, makaraan ito, naririto na ang sandali nang pagpaparaya (palayain sila ng walang tubos), o ipatubos (ayon sa kapakinabangan ng Islam), hanggang ang hilahil

فَإِذَا لَقِيتُمُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ فَضَرْبَ ٱلرِّقَابِ حَتَّىٰٓ إِذَآ أَثْخَنتُمُوهُمْ فَشُدُّوا۟ ٱلْوَثَاقَ فَإِمَّا مَنًّۢا بَعْدُ وَإِمَّا فِدَآءً حَتَّىٰ تَضَعَ ٱلْحَرْبُ أَوْزَارَهَا ۚ ذَٰلِكَ وَلَوْ يَشَآءُ ٱللَّهُ لَٱنتَصَرَ مِنْهُمْ وَلَٰكِن لِّيَبْلُوَا۟ بَعْضَكُم بِبَعْضٍ ۗ وَٱلَّذِينَ قُتِلُوا۟ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ فَلَن يُضِلَّ أَعْمَٰلَهُمْ ﴿٤﴾

ng digmaan ay humupa. Sa ganito, kayo ay pinag-utusan (ni Allah na ipagpatuloy ang pagsasagawa ng *Jihad* laban sa mga hindi sumasampalataya hanggang sa sila ay yumakap sa Islam [alalaong baga, ang mailigtas sila sa kaparusahan ng Apoy ng Impiyerno], o di kaya ay mapabilang sila sa ilalim ng inyong pangangalaga), datapuwa't kung ninais lamang ni Allah ay magagawa Niya na matalo sila (kahit na wala kayo), datapuwa't ninais Niya na kayo ay lumaban upang kayo at ang iba pa ay Kanyang masubok. Datapuwa't sila na nasawi dahil sa Landas ni Allah, hindi Niya hahayaan na ang kanilang mga gawa ay mawalang-saysay.

سَيَهْدِيهِمْ وَيُصْلِحُ بَالَهُمْ ﴿٥﴾

5. Hindi magluluwat ay Kanyang papatnubayan sila at pauunlarin ang kanilang kalagayan.

وَيُدْخِلُهُمُ الْجَنَّةَ عَرَّفَهَا لَهُمْ ﴿٦﴾

6. At Kanyang tatanggapin sila sa Halamanan (Paraiso) na Kanyang ipinaaalam sa kanila (alalaong baga, malalaman nila ang kanilang lugar sa Paraiso nang higit sa pagkaalam nila sa kanilang tahanan sa mundong ito).

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا إِن تَنصُرُوا اللَّهَ يَنصُرْكُمْ وَيُثَبِّتْ أَقْدَامَكُمْ ﴿٧﴾

7. O kayong nagsisisampalataya! Kung kayo ay tutulong (sa Relihiyon ni Allah), Kanyang tutulungan kayo at ititindig Niya ang inyong mga paa nang matatag.

وَالَّذِينَ كَفَرُوا فَتَعْسًا لَّهُمْ وَأَضَلَّ أَعْمَالَهُمْ ﴿٨﴾

8. Datapuwa't sila na nagtatakwil (sa Kaisahan ni Allah), sasakanila ang kapinsalaan at si Allah ang magpapasiya na wala silang matatamasa sa kanilang mga gawa.

ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ كَرِهُوا مَا أَنزَلَ اللَّهُ فَأَحْبَطَ أَعْمَالَهُمْ ﴿٩﴾

9. Sapagkat sila ay namumuhi sa kapahayagan na ipinanaog sa kanila ni Allah (ang Qur'an), kaya't ginawa Niya ang kanilang mga gawa na walang kapakinabangan.

۞ أَفَلَمْ يَسِيرُوا فِي الْأَرْضِ فَيَنظُرُوا كَيْفَ كَانَ عَاقِبَةُ الَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ ۚ دَمَّرَ اللَّهُ عَلَيْهِمْ ۖ وَلِلْكَافِرِينَ أَمْثَالُهَا ﴿١٠﴾

10. Hindi baga sila nagsipaglakbay sa kahabaan ng mga lupain at namasdan kung ano ang kinahinatnan ng mga nauna sa kanila (na nagsigawa ng kabuktutan)? Si Allah ang naggawad sa kanila ng tandisang kapinsalaan at gayundin naman, ang kahihinatnan ng mga hindi sumasampalataya (kay Allah).

ذَٰلِكَ بِأَنَّ اللَّهَ مَوْلَى الَّذِينَ آمَنُوا وَأَنَّ الْكَافِرِينَ لَا مَوْلَىٰ لَهُمْ ﴿١١﴾

11. Ito'y sa dahilang si Allah ang *Maula* (Panginoon, Tagapangalaga, Tagapagtanggol) ng mga sumasampalataya, datapuwa't sila na

nagtatakwil kay Allah ay walang *Maula* (Panginoon, Katulong, Tagapangalaga, Tagapagtanggol).

إِنَّ ٱللَّهَ يُدۡخِلُ ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ وَعَمِلُواْ ٱلصَّٰلِحَٰتِ جَنَّٰتٖ تَجۡرِي مِن تَحۡتِهَا ٱلۡأَنۡهَٰرُۖ وَٱلَّذِينَ كَفَرُواْ يَتَمَتَّعُونَ وَيَأۡكُلُونَ كَمَا تَأۡكُلُ ٱلۡأَنۡعَٰمُ وَٱلنَّارُ مَثۡوٗى لَّهُمۡ ١٢

12. Katotohanan! Si Allah ang tatanggap sa kanila na sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at nagsisigawa ng kabutihan, sa Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), datapuwa't sila na nagtatakwil kay Allah ay nagpapakaligaya sa kanilang sarili (sa mundong ito) at kumakain na tulad ng hayupan (bakahan), at ang Apoy ang kanilang magiging tahanan.

وَكَأَيِّن مِّن قَرۡيَةٍ هِيَ أَشَدُّ قُوَّةٗ مِّن قَرۡيَتِكَ ٱلَّتِيٓ أَخۡرَجَتۡكَ أَهۡلَكۡنَٰهُمۡ فَلَا نَاصِرَ لَهُمۡ ١٣

13. At ilan baga ang mga bayan (pamayanan) na may higit na kapangyarihan sa iyong lungsod (Makkah, [O Muhammad]) na nagtaboy sa iyo ang Aming winasak (dahil sa kanilang kasamaan)? At walang sinuman ang makatutulong sa kanila.

أَفَمَن كَانَ عَلَىٰ بَيِّنَةٖ مِّن رَّبِّهِۦ كَمَن زُيِّنَ لَهُۥ سُوٓءُ عَمَلِهِۦ وَٱتَّبَعُوٓاْ أَهۡوَآءَهُمۡ ١٤

14. Siya kaya na nasa maliwanag na katibayan (landas) mula sa kanyang Panginoon ay katulad nila na ang kanilang masasamang gawa na kanilang isinasakatuparan ay ginawang makapang-akit at maging maganda sa kanila, habang kanilang sinusunod ang kanilang sariling pagnanasa (masasamang hangarin)?

مَّثَلُ ٱلۡجَنَّةِ ٱلَّتِي وُعِدَ ٱلۡمُتَّقُونَۖ فِيهَآ أَنۡهَٰرٞ مِّن مَّآءٍ غَيۡرِ ءَاسِنٖ وَأَنۡهَٰرٞ مِّن لَّبَنٖ لَّمۡ يَتَغَيَّرۡ طَعۡمُهُۥ وَأَنۡهَٰرٞ مِّنۡ خَمۡرٖ لَّذَّةٖ لِّلشَّٰرِبِينَ وَأَنۡهَٰرٞ مِّنۡ عَسَلٖ مُّصَفّٗىۖ وَلَهُمۡ فِيهَا مِن كُلِّ ٱلثَّمَرَٰتِ وَمَغۡفِرَةٞ مِّن رَّبِّهِمۡۖ كَمَنۡ هُوَ خَٰلِدٞ فِي ٱلنَّارِ وَسُقُواْ مَآءً حَمِيمٗا فَقَطَّعَ أَمۡعَآءَهُمۡ ١٥

15. Narito ang paglalarawan ng Halamanan (Paraiso) na sa *Muttaqun* (mga matutuwid at matimtimang tao na labis na nagmamahal kay Allah at umiiwas sa lahat ng mga masasamang gawa na Kanyang ipinagbabawal, at nagmamahal kay Allah nang higit at nagsasagawa ng mga mababuting gawa na Kanyang ipinag-uutos) ay ipinangako: Naririto ang mga ilog na ang tubig nito (sa lasa at amoy) ay hindi nagmamaliw (sa kasariwaan); mga batis ng gatas na ang lasa ay hindi kailanman nagbabago; mga batis ng alak na ang linamnam ay isang kasiyahan sa mga umiinom, at mga batis ng pulot-pukyutan na puro at dalisay. Naririto ang lahat ng uri ng bungangkahoy; at Pagpapatawad mula sa kanilang Panginoon. (Sila kaya na maninirahan sa kaligayahan) ay maihahalintulad sa mga magsisipanahan sa

Apoy, na bibigyan dito upang uminom ng kumukulong tubig na humihiwa (nang pira-piraso) sa laman ng kanilang mga bituka?

وَمِنْهُم مَّن يَسْتَمِعُ إِلَيْكَ حَتَّىٰٓ إِذَا خَرَجُوا۟ مِنْ عِندِكَ قَالُوا۟ لِلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْعِلْمَ مَاذَا قَالَ ءَانِفًا ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ طَبَعَ ٱللَّهُ عَلَىٰ قُلُوبِهِمْ وَٱتَّبَعُوٓا۟ أَهْوَآءَهُمْ ﴿١٦﴾

16. At sa lipon nila ay mayroon sa kanila ang nakikinig sa iyo (O Muhammad), hanggang sa sila ay magpaalam na sa iyo, at sila ay nagsasabi sa mga tao na tumanggap ng Karunungan: "Ano baga yaong sinabi niya ngayon (lamang)? Sila ang mga tao na ang puso ay sinarhan ni Allah, at sila ay sumusunod lamang sa kanilang mga (sariling) pagnanasa.

وَٱلَّذِينَ ٱهْتَدَوْا۟ زَادَهُمْ هُدًى وَءَاتَىٰهُمْ تَقْوَىٰهُمْ ﴿١٧﴾

17. Datapuwa't sila na tumatanggap ng Patnubay, Kanyang pinag-iibayo ang kanilang Patnubay, at iginawad Niya sa kanila ang pagiging matimtiman at mapagtimpi (sa paggawa ng kasamaan).

فَهَلْ يَنظُرُونَ إِلَّا ٱلسَّاعَةَ أَن تَأْتِيَهُم بَغْتَةً ۖ فَقَدْ جَآءَ أَشْرَاطُهَا ۚ فَأَنَّىٰ لَهُمْ إِذَا جَآءَتْهُمْ ذِكْرَىٰهُمْ ﴿١٨﴾

18. Sila baga ay naghihintay lamang, maliban na ang Oras ay sumapit sa kanila nang bigla at hindi inaasahan? Datapuwa't ang ilan sa kanyang mga tanda (mga pahiwatig at palatandaan) ay dumatal na sa kanila, at kung ito ay igawad na sa kanila, kung gayon (ano ang kabutihan) sa kanila ng kanilang pag-aalala-ala kung ito ay sumapit na sa kanila?

فَٱعْلَمْ أَنَّهُۥ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا ٱللَّهُ وَٱسْتَغْفِرْ لِذَنۢبِكَ وَلِلْمُؤْمِنِينَ وَٱلْمُؤْمِنَٰتِ ۗ وَٱللَّهُ يَعْلَمُ مُتَقَلَّبَكُمْ وَمَثْوَىٰكُمْ ﴿١٩﴾

19. Kaya't iyong maalaman (O Muhammad) na *La ilaha ill Allah* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah), at ikaw ay humingi ng kapatawaran sa iyong pagkakamali; at gayundin (sa mga pagkakasala) ng mga sumasampalatayang lalaki at mga sumasampalatayang babae. At si Allah ang nakababatid ng inyong galaw at inyong pinagpapahingahan (pinananahanan).

وَيَقُولُ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَوْلَا نُزِّلَتْ سُورَةٌ ۖ فَإِذَآ أُنزِلَتْ سُورَةٌ مُّحْكَمَةٌ وَذُكِرَ فِيهَا ٱلْقِتَالُ ۙ رَأَيْتَ ٱلَّذِينَ فِى قُلُوبِهِم مَّرَضٌ يَنظُرُونَ إِلَيْكَ نَظَرَ ٱلْمَغْشِىِّ عَلَيْهِ مِنَ ٱلْمَوْتِ ۖ فَأَوْلَىٰ لَهُمْ ﴿٢٠﴾

20. Sila na sumasampalataya ay nagsasabi: "Bakit kaya hindi ipinanaog (sa amin) ang isang *Surah* (Kabanata ng Qur'an)? Datapuwa't kung ang isang *Surah* na may tampok na kahulugan (na nagpapaliwanag at nag-uutos ng mga bagay-bagay) ay ipinanaog, at ang pakikipaglaban (*Jihad*, ang maka-Diyos na pakikidigma) ay nababanggit dito (alalaong baga, ipinag-uutos), iyong mapagmamalas ang mga tao na sa

kanilang puso ay may karamdaman (ng pagkukunwari) na tumitingin sa iyo na (katulad ng) isang sulyap ng isang nangangapos ang hininga dahilan sa napipintong kamatayan. Ngunit higit na mainam sa kanila (na mapagkunwari ang makinig kay Allah at tumalima sa Kanya).

طَاعَةٌ وَقَوْلٌ مَّعْرُوفٌ ۚ فَإِذَا عَزَمَ ٱلْأَمْرُ فَلَوْ صَدَقُوا۟ ٱللَّهَ لَكَانَ خَيْرًا لَّهُمْ ﴿٢١﴾

21. Ang pagsunod (kay Allah) at mabubuting gawa (ay higit na mainam sa kanila). At kung ang mga bagay-bagay (ang paghahanda sa *Jihad*, ang maka-Diyos na pakikidigma) ay napagpasiyahan na, kung gayon, ito ay higit na makabubuti sa kanila kung sila ay tapat kay Allah.

فَهَلْ عَسَيْتُمْ إِن تَوَلَّيْتُمْ أَن تُفْسِدُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ وَتُقَطِّعُوٓا۟ أَرْحَامَكُمْ ﴿٢٢﴾

22. At kayo ba, kung kayo ay bigyan ng kapamahalaan, ay magsisigawa ng kabuktutan sa kalupaan, at inyong puputulin ang gapos ng pagkakaibigan at pagkakamag-anak?

أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ لَعَنَهُمُ ٱللَّهُ فَأَصَمَّهُمْ وَأَعْمَىٰٓ أَبْصَٰرَهُمْ ﴿٢٣﴾

23. Sila nga ang mga tao na isinumpa ni Allah, kaya't Kanyang ginawa sila na bingi at nadirimlan ang paningin.

أَفَلَا يَتَدَبَّرُونَ ٱلْقُرْءَانَ أَمْ عَلَىٰ قُلُوبٍ أَقْفَالُهَآ ﴿٢٤﴾

24. Hindi baga sila nagmumuni-muni sa (nilalaman) ng Qur'an, o may sagka ba ang kanilang puso (upang makaunawa)?

إِنَّ ٱلَّذِينَ ٱرْتَدُّوا۟ عَلَىٰٓ أَدْبَٰرِهِم مِّنۢ بَعْدِ مَا تَبَيَّنَ لَهُمُ ٱلْهُدَى ۙ ٱلشَّيْطَٰنُ سَوَّلَ لَهُمْ وَأَمْلَىٰ لَهُمْ ﴿٢٥﴾

25. Katotohanang sila na nagsitalikod (sa pananampalataya) bilang mga hindi sumasampalataya, kahima't ang Patnubay ay maliwanag na ipinamalas sa kanila, si Satanas ang umakit sa kanila at nagpalawig nang (maling) pag-asa para sa kanila.

ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ قَالُوا۟ لِلَّذِينَ كَرِهُوا۟ مَا نَزَّلَ ٱللَّهُ سَنُطِيعُكُمْ فِى بَعْضِ ٱلْأَمْرِ ۖ وَٱللَّهُ يَعْلَمُ إِسْرَارَهُمْ ﴿٢٦﴾

26. Ito'y sa dahilang sila ay nagsasabi sa mga namumuhi sa mga ipinahayag ni Allah: "Kami ay susunod sa inyo sa bahagi ng (ganitong) bagay-bagay," datapuwa't talastas ni Allah (ang pinakatago) sa kanilang lihim.

فَكَيْفَ إِذَا تَوَفَّتْهُمُ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ يَضْرِبُونَ وُجُوهَهُمْ وَأَدْبَٰرَهُمْ ﴿٢٧﴾

27. Datapuwa't paano (ang pangyayari) kung ang mga anghel ay kukuha na ng kanilang kaluluwa sa (sandali ng) kanilang kamatayan na humahampas sa kanilang mukha at kanilang likuran?

ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمُ ٱتَّبَعُوا۟ مَآ أَسْخَطَ ٱللَّهَ وَكَرِهُوا۟ رِضْوَٰنَهُۥ فَأَحْبَطَ أَعْمَٰلَهُمْ ﴿٢٨﴾

28. Sapagka't sila ay sumunod sa mga bagay na nagbibigay-poot kay Allah at (kanilang) kinasuklaman ang nagbibigay-lugod at

kasiyahan kay Allah, kaya't Kanyang ginawa na ang kanilang mga gawa ay walang saysay.

أَمْ حَسِبَ ٱلَّذِينَ فِى قُلُوبِهِم مَّرَضٌ أَن لَّن يُخْرِجَ ٱللَّهُ أَضْغَٰنَهُمْ ﴿٢٩﴾

29. O sila kayang mga tao na sa kanilang puso ay may sakit (ng pagkukunwari) ay nag-aakala na si Allah ay hindi kailanman maglalantad ng kanilang (damdamin) ng pagkamuhi?

وَلَوْ نَشَآءُ لَأَرَيْنَٰكَهُمْ فَلَعَرَفْتَهُم بِسِيمَٰهُمْ ۚ وَلَتَعْرِفَنَّهُمْ فِى لَحْنِ ٱلْقَوْلِ ۚ وَٱللَّهُ يَعْلَمُ أَعْمَٰلَكُمْ ﴿٣٠﴾

30. Kung Aming ninais lamang, magagawa Naming maipakita sila sa inyo, sa gayon, sila ay iyong mapag-aalaman sa pamamagitan ng kanilang mga tanda (marka), datapuwa't katotohanang sila ay makikilala mo (O Muhammad) sa taginting ng kanilang pananalita! At si Allah ang nakakaalam ng lahat ninyong ginagawa.

وَلَنَبْلُوَنَّكُمْ حَتَّىٰ نَعْلَمَ ٱلْمُجَٰهِدِينَ مِنكُمْ وَٱلصَّٰبِرِينَ وَنَبْلُوَا۟ أَخْبَارَكُمْ ﴿٣١﴾

31. At katiyakang kayo ay susubukan Namin hanggang sa Aming masubok kung sino sa inyo ang nagsisikap nang lubusan (tungo sa Kapakanan ni Allah) at may pagtitiyaga at pagtitiis, at Aming susubukan ang inyong ipinahahayag (alalaong baga, kung sino ang sinungaling at sino ang nagsasabi ng katotohanan).

إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَصَدُّوا۟ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ وَشَآقُّوا۟ ٱلرَّسُولَ مِنۢ بَعْدِ مَا تَبَيَّنَ لَهُمُ ٱلْهُدَىٰ لَن يَضُرُّوا۟ ٱللَّهَ شَيْـًٔا ۗ وَسَيُحْبِطُ أَعْمَٰلَهُمْ ﴿٣٢﴾

32. Katotohanang sila na hindi sumasampalataya, na humahadlang sa mga tao tungo sa Landas ni Allah (Islam) at tumututol sa Sugo (Muhammad), kahima't ang Patnubay ay malinaw na ipinamalas sa kanila, sila ay hindi makapagbibigay ng kahit na anumang maliit na kasahulan o pasakit kay Allah, bagkus ay Kanyang gagawin ang kanilang mga gawa na mawalan ng kabuluhan.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ أَطِيعُوا۟ ٱللَّهَ وَأَطِيعُوا۟ ٱلرَّسُولَ وَلَا تُبْطِلُوٓا۟ أَعْمَٰلَكُمْ ﴿٣٣﴾

33. O kayong nagsisisampalataya! Sundin ninyo si Allah at sundin ang Sugo (Muhammad) at huwag ninyong pawalang-saysay ang inyong mga gawa!

إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَصَدُّوا۟ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ ثُمَّ مَاتُوا۟ وَهُمْ كُفَّارٌ فَلَن يَغْفِرَ ٱللَّهُ لَهُمْ ﴿٣٤﴾

34. Katotohanang sila na hindi sumasampalataya at humahadlang sa mga tao tungo sa Landas ni Allah (Islam), at namatay sa kalagayan ng kawalang-pananalig, - si Allah ay hindi magpapatawad sa kanila.

فَلَا تَهِنُوا۟ وَتَدْعُوٓا۟ إِلَى ٱلسَّلْمِ وَأَنتُمُ ٱلْأَعْلَوْنَ وَٱللَّهُ مَعَكُمْ وَلَن يَتِرَكُمْ أَعْمَٰلَكُمْ ﴿٣٥﴾

35. Kaya't huwag kayong mapagal at manglumo sa inyong puso at humibik ng kapayapaan (sa mga kaaway ng Islam) habang kayo ang

nakakaangat. Si Allah ay inyong kasama (kakampi o katangkilik) at hindi kailanman Niya hahayaan na mawalang-katuturan ang inyong mabubuting gawa.

إِنَّمَا ٱلْحَيَوٰةُ ٱلدُّنْيَا لَعِبٌ وَلَهْوٌ ۚ وَإِن تُؤْمِنُوا۟ وَتَتَّقُوا۟ يُؤْتِكُمْ أُجُورَكُمْ وَلَا يَسْـَٔلْكُمْ أَمْوَٰلَكُمْ ﴿٣٦﴾

36. Katotohanan, ang buhay sa mundong ito ay isa lamang paglalaro at pagsasaya, datapuwa't kung kayo ay mananampalataya (sa Kaisahan ni Allah) at may pangangamba at lumalayo sa kasamaan, ipagkakaloob Niya sa inyo ang inyong kabayaran (gantimpala) at hindi Niya hihilingin na isuko ninyo ang inyong kayamanan.

إِن يَسْـَٔلْكُمُوهَا فَيُحْفِكْكُمْ تَبْخَلُوا۟ وَيُخْرِجْ أَضْغَٰنَكُمْ ﴿٣٧﴾

37. Kung Siya ay humiling sa inyo ng mga ito at pilitin kayo, kayo ay magtatangka na bimbinin ito, at Kanyang ilalantad ang inyong pagkamuhi (alalaong baga, ang pag-ayaw).

هَٰٓأَنتُمْ هَٰٓؤُلَآءِ تُدْعَوْنَ لِتُنفِقُوا۟ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ ۖ فَمِنكُم مَّن يَبْخَلُ ۖ وَمَن يَبْخَلْ فَإِنَّمَا يَبْخَلُ عَن نَّفْسِهِۦ ۚ وَٱللَّهُ ٱلْغَنِىُّ وَأَنتُمُ ٱلْفُقَرَآءُ ۚ وَإِن تَتَوَلَّوْا۟ يَسْتَبْدِلْ قَوْمًا غَيْرَكُمْ ثُمَّ لَا يَكُونُوٓا۟ أَمْثَٰلَكُم ﴿٣٨﴾

38. Pagmasdan! Kayo ang mga inaanyayahan na gumugol (ng inyong yaman) tungo sa Landas ni Allah, datapuwa't sa lipon ninyo ay may mga sakim, at kung sinuman ang maging sakim, siya ay gumawa ng kapahamakan laban sa kanyang sarili. Datapuwa't si Allah ay Masagana (hindi nangangailangan ng anuman) at kayong sangkatauhan ay mahirap (at nangangailangan ng lahat). At kung kayo ay tumalikod (sa Islam at sa pagtalima sa Landas ni Allah), Kanyang ipagpapalit kayo sa ibang mga tao, at sila ay hindi ninyo magiging katulad!



Surah 48

Surat Al-Fath
(Ang Tagumpay)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

إِنَّا فَتَحْنَا لَكَ فَتْحًا مُّبِينًا ﴿١﴾

1. Katotohanang ikaw (O Muhammad) ay pinagkalooban Namin nang lantad na tagumpay.

لِّيَغْفِرَ لَكَ ٱللَّهُ مَا تَقَدَّمَ مِن ذَنۢبِكَ وَمَا تَأَخَّرَ وَيُتِمَّ نِعْمَتَهُۥ عَلَيْكَ وَيَهْدِيَكَ صِرَٰطًا مُّسْتَقِيمًا ﴿٢﴾

2. Upang si Allah ay magpatawad sa iyong mga pagkakamali ng mga panahong nagdaan at (gayundin) sa panahong darating, at upang ganapin Niya ang Kanyang paglingap sa iyo at ikaw ay patnubayan Niya sa Matuwid na Landas.

وَيَنصُرَكَ ٱللَّهُ نَصْرًا عَزِيزًا ﴿٣﴾

3. At upang si Allah ay tumulong sa iyo ng isang lubusang pagtulong.

هُوَ ٱلَّذِىٓ أَنزَلَ ٱلسَّكِينَةَ فِى قُلُوبِ ٱلْمُؤْمِنِينَ لِيَزْدَادُوٓا۟ إِيمَٰنًا مَّعَ إِيمَٰنِهِمْ ۗ وَلِلَّهِ جُنُودُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ عَلِيمًا حَكِيمًا ﴿٤﴾

4. Siya (Allah) ang naghahatid ng katahimikan (at kapanatagan) sa puso ng mga sumasampalataya upang mapag-ibayo nila ang kanilang Pananalig, na kaalinsabay ng kanilang Pananalig sa ngayon. At si Allah ang nag-aangkin ng mga hukbo (mga anghel, tao, *Jinn* atbp.) sa kalangitan at kalupaan, at si Allah ang may Ganap na Kaalaman, ang Puspos ng Karunungan.

لِّيُدْخِلَ ٱلْمُؤْمِنِينَ وَٱلْمُؤْمِنَٰتِ جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَا وَيُكَفِّرَ عَنْهُمْ سَيِّـَٔاتِهِمْ ۚ وَكَانَ ذَٰلِكَ عِندَ ٱللَّهِ فَوْزًا عَظِيمًا ﴿٥﴾

5. Upang Kanyang tanggapin ang mga sumasampalatayang lalaki at mga sumasampalatayang babae sa Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), upang manahan dito sa kasiyahan magpakailanman, at (Kanyang) pawiin sa kanila ang kanilang mga kasalanan, at ito sa paningin ni Allah ay isang sukdol na tagumpay,

وَيُعَذِّبَ ٱلْمُنَٰفِقِينَ وَٱلْمُنَٰفِقَٰتِ وَٱلْمُشْرِكِينَ وَٱلْمُشْرِكَٰتِ ٱلظَّآنِّينَ بِٱللَّهِ ظَنَّ ٱلسَّوْءِ ۚ

6. At upang Kanyang maparusahan ang *Munafiqun* (mga mapagkunwari), mga lalaki at babae, at gayundin ang *Mushrikun* (mga

عَلَيْهِمْ دَآئِرَةُ ٱلسَّوْءِ ۖ وَغَضِبَ ٱللَّهُ عَلَيْهِمْ وَلَعَنَهُمْ وَأَعَدَّ لَهُمْ جَهَنَّمَ ۖ وَسَآءَتْ مَصِيرًا ﴿٦﴾

mapagsamba sa maraming diyus-diyosan at nag-aakibat ng mga katambal sa pagsamba kay Allah), mga lalaki at babae, na nag-iisip nang masamang saloobin kay Allah, sa kanila ay may isang kaaba-abang kaparusahan. Ang Poot ni Allah ay nasa kanila at Kanyang isinumpa sila at (Kanyang) inihanda ang Impiyerno para sa kanila, at tunay namang pagkasama-sama ng gayong hantungan.

وَلِلَّهِ جُنُودُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ عَزِيزًا حَكِيمًا ﴿٧﴾

7. Kay Allah ang pag-aangkin ng lahat ng mga hukbo (mga anghel, tao, *Jinn*, atbp.) sa kalangitan at kalupaan, at si Allah ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

إِنَّآ أَرْسَلْنَٰكَ شَٰهِدًا وَمُبَشِّرًا وَنَذِيرًا ﴿٨﴾

8. Katotohanang ikaw (O Muhammad) ay isinugo Namin bilang isang saksi, at tagapaghatid ng Magandang Balita, at isang Tagapagbabala.

لِّتُؤْمِنُوا۟ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ وَتُعَزِّرُوهُ وَتُوَقِّرُوهُ وَتُسَبِّحُوهُ بُكْرَةً وَأَصِيلًا ﴿٩﴾

9. Upang kayo (O sangkatauhan) ay manampalataya kay Allah at (manalig) sa Kanyang Sugo, at kayo ay tumulong at magparangal sa kanya (Muhammad) at (upang inyong) ipagbunyi ang mga pagluwalhati sa Kanya (Allah) sa umaga at hapon.

إِنَّ ٱلَّذِينَ يُبَايِعُونَكَ إِنَّمَا يُبَايِعُونَ ٱللَّهَ يَدُ ٱللَّهِ فَوْقَ أَيْدِيهِمْ ۚ فَمَن نَّكَثَ فَإِنَّمَا يَنكُثُ عَلَىٰ نَفْسِهِۦ ۖ وَمَنْ أَوْفَىٰ بِمَا عَٰهَدَ عَلَيْهُ ٱللَّهَ فَسَيُؤْتِيهِ أَجْرًا عَظِيمًا ﴿١٠﴾

10. Katotohanang sila na nagbibigay ng kanilang pangako ng katapatan sa iyo (O Muhammad), sila ay nagbibigay ng *Bai'a* (pangako ng katapatan) sa katotohanan kay Allah. Ang Kamay ni Allah ay nasa ibabaw ng kanilang mga kamay, kaya't kung sinuman ang lumabag sa kanyang katapatan (sa pagpanig at pagtangkilik) ay gumawa nito tungo sa kasahulan ng kanyang sarili, at kung sinuman ang tumupad ng kanyang ipinangako kay Allah, si Allah ay dagliang maggagawad sa kanya ng Malaking Gantimpala.

سَيَقُولُ لَكَ ٱلْمُخَلَّفُونَ مِنَ ٱلْأَعْرَابِ شَغَلَتْنَآ أَمْوَٰلُنَا وَأَهْلُونَا فَٱسْتَغْفِرْ لَنَا ۚ يَقُولُونَ بِأَلْسِنَتِهِم مَّا لَيْسَ فِى قُلُوبِهِمْ ۚ قُلْ فَمَن يَمْلِكُ لَكُم مِّنَ ٱللَّهِ شَيْـًٔا إِنْ أَرَادَ بِكُمْ ضَرًّا أَوْ أَرَادَ بِكُمْ نَفْعًا ۚ بَلْ كَانَ ٱللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ

11. Sila na mga *Bedouin* (Arabong nananahan sa disyerto) na nagpaiwan ay magsasabi sa iyo. "Kami ay naging abala sa pamamahala ng aming mga ari-arian at sa aming pamilya, - maaari bang hingin mo ang kapatawaran tungo sa amin?" Sila ay nagsisipagbadya sa kanilang dila (nguni't) wala naman sa kanilang puso.

Ipagsaysay: "Sino kaya baga ang may ganap na kapangyarihan, ang makahahadlang sa inyong kapakanan sa harap ni Allah, kung Kanyang naisin na bigyan kayo ng kasahulan o pagkalooban kayo ng kapakinabangan? Datapuwa't si Allah ang Lalagi nang Lubos na Nakakaalam ng lahat ninyong ginagawa.

خَبِيرًا ﴿١١﴾

12. Datapuwa't napag-akala ninyo na ang Sugo at ang mga sumasampalataya ay hindi na kailanman makababalik sa kanilang mga pamilya, at ito ay naghatid ng kasiyahan sa inyong puso, at kayo ay nag-isip nang masamang pagpapalagay, sapagka't kayo ay mga walang halagang tao na tutungo sa pagkawasak."

بَلْ ظَنَنتُمْ أَن لَّن يَنقَلِبَ ٱلرَّسُولُ وَٱلْمُؤْمِنُونَ إِلَىٰٓ أَهْلِيهِمْ أَبَدًا وَزُيِّنَ ذَٰلِكَ فِى قُلُوبِكُمْ وَظَنَنتُمْ ظَنَّ ٱلسَّوْءِ وَكُنتُمْ قَوْمًۢا بُورًا ﴿١٢﴾

13. At kung sinuman ang hindi nananampalataya kay Allah at (nananalig) sa Kanyang Sugo (Muhammad), inihanda na Namin sa mga nagtatakwil kay Allah ang Naglalagablab na Apoy!

وَمَن لَّمْ يُؤْمِنۢ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ فَإِنَّآ أَعْتَدْنَا لِلْكَٰفِرِينَ سَعِيرًا ﴿١٣﴾

14. Kay Allah lamang ang paghahawak ng kapamahalaan ng kalangitan at kalupaan. Siya ay nagpapatawad sa sinumang Kanyang maibigan at nagpaparusa sa sinumang Kanyang maibigan. At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

وَلِلَّهِ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ يَغْفِرُ لِمَن يَشَآءُ وَيُعَذِّبُ مَن يَشَآءُ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ غَفُورًا رَّحِيمًا ﴿١٤﴾

15. Sila na nagpaiwan (ay magsasabi), kung kayo ay humayo na upang sinupin ang mga labi ng digmaan: "Kami ay payagan ninyo na sumunod sa inyo." Nais nila na baguhin ang Salita ni Allah. Ipagbadya: "Kayo ay hindi susunod sa amin; ito ay winika na ni Allah noon pa man." At sila ay magsasabi: "Hindi, kayo ay nangingimbulo sa amin." Datapuwa't kakarampot lamang ang kanilang nauunawaan (sa gayong bagay).

سَيَقُولُ ٱلْمُخَلَّفُونَ إِذَا ٱنطَلَقْتُمْ إِلَىٰ مَغَانِمَ لِتَأْخُذُوهَا ذَرُونَا نَتَّبِعْكُمْ ۖ يُرِيدُونَ أَن يُبَدِّلُوا۟ كَلَٰمَ ٱللَّهِ ۚ قُل لَّن تَتَّبِعُونَا ۖ كَذَٰلِكُمْ قَالَ ٱللَّهُ مِن قَبْلُ ۖ فَسَيَقُولُونَ بَلْ تَحْسُدُونَنَا ۚ بَلْ كَانُوا۟ لَا يَفْقَهُونَ إِلَّا قَلِيلًا ﴿١٥﴾

16. Ipagbadya (O Muhammad) sa mga *Bedouin* (mga Arabong nananahan sa disyerto na nagpaiwan): "Kayo ay ipatatawag upang makipaglaban sa mga tao na ibinigay sa makabuluhang labanan, kaya't kayo ay makikipaglaban sa kanila, o sila ay susuko. Ngayon, kung kayo ay magpapakita ng pagtalima, si Allah ay magkakaloob sa inyo nang makatarungang gantimpala, datapuwa't

قُل لِّلْمُخَلَّفِينَ مِنَ ٱلْأَعْرَابِ سَتُدْعَوْنَ إِلَىٰ قَوْمٍ أُو۟لِى بَأْسٍ شَدِيدٍ تُقَٰتِلُونَهُمْ أَوْ يُسْلِمُونَ ۖ فَإِن تُطِيعُوا۟ يُؤْتِكُمُ ٱللَّهُ أَجْرًا حَسَنًا ۖ وَإِن تَتَوَلَّوْا۟ كَمَا تَوَلَّيْتُم مِّن قَبْلُ يُعَذِّبْكُمْ عَذَابًا أَلِيمًا ﴿١٦﴾

kung kayo ay magsisitalikod na kagaya nang ginawa ninyong pagtalikod noong una, ay Kanyang parurusahan kayo nang Kasakit-sakit na Kaparusahan".

لَّيْسَ عَلَى ٱلْأَعْمَىٰ حَرَجٌ وَلَا عَلَى ٱلْأَعْرَجِ حَرَجٌ وَلَا عَلَى ٱلْمَرِيضِ حَرَجٌ ۗ وَمَن يُطِعِ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ يُدْخِلْهُ جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ ۖ وَمَن يَتَوَلَّ يُعَذِّبْهُ عَذَابًا أَلِيمًا ﴿١٧﴾

17. Dito ay hindi susumbatan (o walang kasalanan) ang bulag, gayundin naman ang lumpo, o kaya ang maysakit (kung sila ay hindi nakasama sa labanan), at sinuman ang sumunod kay Allah at sa Kanyang Sugo (Muhammad), si Allah ay tatanggap sa kanya sa Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), at kung sinuman ang tumatalikod, si Allah ay magpaparusa sa kanya ng Kasakit-sakit na Kaparusahan.

۞ لَّقَدْ رَضِىَ ٱللَّهُ عَنِ ٱلْمُؤْمِنِينَ إِذْ يُبَايِعُونَكَ تَحْتَ ٱلشَّجَرَةِ فَعَلِمَ مَا فِى قُلُوبِهِمْ فَأَنزَلَ ٱلسَّكِينَةَ عَلَيْهِمْ وَأَثَٰبَهُمْ فَتْحًا قَرِيبًا ﴿١٨﴾

18. Katotohanang si Allah ay nalulugod sa mga sumasampalataya nang sila ay nagbigay ng Pangako (panunumpa ng katapatan) sa iyo (O Muhammad) sa ilalim ng punongkahoy. Batid Niya ang nasa kanilang puso at Siya ang nagpapanaog ng katahimikan (at kapanatagan) sa kanila at Kanyang ginantimpalaan sila ng abot-kamay na Tagumpay.

وَمَغَانِمَ كَثِيرَةً يَأْخُذُونَهَا ۗ وَكَانَ ٱللَّهُ عَزِيزًا حَكِيمًا ﴿١٩﴾

19. (Bukod pa rito), maraming kapakinabangan mula sa mga labi ng digmaan ang kanilang matatamasa, at si Allah ay Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

وَعَدَكُمُ ٱللَّهُ مَغَانِمَ كَثِيرَةً تَأْخُذُونَهَا فَعَجَّلَ لَكُمْ هَٰذِهِۦ وَكَفَّ أَيْدِىَ ٱلنَّاسِ عَنكُمْ وَلِتَكُونَ ءَايَةً لِّلْمُؤْمِنِينَ وَيَهْدِيَكُمْ صِرَٰطًا مُّسْتَقِيمًا ﴿٢٠﴾

20. Si Allah ay nangako sa inyo nang maraming kapakinabangan mula sa mga labi ng digmaan na inyong matatamasa, at ang mga ito ay daglian Niyang ibinigay sa inyo, at pinigilan Niya ang kamay ng mga tao na malapit sa inyo, upang ito ay maging isang Tanda sa mga Sumasampalataya at upang kayo ay Kanyang magabayan sa isang Matuwid na Landas.

وَأُخْرَىٰ لَمْ تَقْدِرُوا۟ عَلَيْهَا قَدْ أَحَاطَ ٱللَّهُ بِهَا ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرًا ﴿٢١﴾

21. At ang iba pang kapakinabangan (mga tagumpay at mga labi ng digmaan na Kanyang ipinangangako sa inyo) na hindi abot ng inyong lakas at kapangyarihan, na inihanda (o itinakda) na noon pa ni Allah, at si Allah ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

وَلَوْ قَٰتَلَكُمُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لَوَلَّوُا۟ ٱلْأَدْبَٰرَ ثُمَّ لَا يَجِدُونَ وَلِيًّا وَلَا نَصِيرًا ﴿٢٢﴾

22. At kung ang mga hindi sumasampalataya ay makipaglaban sa inyo, katotohanang sila ay

magsisitalikod, sa gayon sila ay hindi makatatagpo ng anumang *Wali* (tagapangalaga, tagapagtanggol) gayundin ng tulong.

سُنَّةَ ٱللَّهِ ٱلَّتِى قَدْ خَلَتْ مِن قَبْلُ ۖ وَلَن تَجِدَ لِسُنَّةِ ٱللَّهِ تَبْدِيلًا ﴿٢٣﴾

23. Gayon ang naging Landas (pamamaraang itinalaga) ni Allah sa kanila na pumanaw na noon pang una, at walang pagbabago kayong makikita sa naging Landas (pamamaraang itinalaga) ni Allah.

وَهُوَ ٱلَّذِى كَفَّ أَيْدِيَهُمْ عَنكُمْ وَأَيْدِيَكُمْ عَنْهُم بِبَطْنِ مَكَّةَ مِنۢ بَعْدِ أَنْ أَظْفَرَكُمْ عَلَيْهِمْ ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ بَصِيرًا ﴿٢٤﴾

24. At Siya ang pumigil ng kanilang kamay sa inyo, gayundin naman ng inyong kamay sa kanila doon sa nasasakupan ng Makkah, pagkaraang igawad Niya sa inyo ang Tagumpay laban sa kanila. At si Allah ang Lagi nang Lubos na Nakamamasid ng lahat ng inyong ginagawa.

هُمُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَصَدُّوكُمْ عَنِ ٱلْمَسْجِدِ ٱلْحَرَامِ وَٱلْهَدْىَ مَعْكُوفًا أَن يَبْلُغَ مَحِلَّهُۥ ۚ وَلَوْلَا رِجَالٌ مُّؤْمِنُونَ وَنِسَآءٌ مُّؤْمِنَٰتٌ لَّمْ تَعْلَمُوهُمْ أَن تَطَـُٔوهُمْ فَتُصِيبَكُم مِّنْهُم مَّعَرَّةٌۢ بِغَيْرِ عِلْمٍ ۖ لِّيُدْخِلَ ٱللَّهُ فِى رَحْمَتِهِۦ مَن يَشَآءُ ۚ لَوْ تَزَيَّلُوا۟ لَعَذَّبْنَا ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِنْهُمْ عَذَابًا أَلِيمًا ﴿٢٥﴾

25. Sila yaong hindi sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), at humahadlang sa inyo sa *Masjid Al-Haram* (Bahay-Dalanginan sa Makkah), at gayundin naman sa inyong pangsakripisyong alay na hayop na kanilang ikinulong upang ito ay hindi makaabot sa pook na pag-aalayan ng inyong sakripisyo. Kung hindi lamang sana sa mga nananampalatayang lalaki at mga nananampalatayang babae na hindi ninyo nakikilala na maaari ninyong mapatay, at dahil dito, ito ay magiging sanhi upang kayo ay makagawa ng pagkakasala na hindi ninyo nababatid, upang Kanyang tanggapin sa Kanyang Habag ang sinumang Kanyang maibigan. Kung sila lamang ay magkalayo (hindi magkalapit ang mga sumasampalataya at mga hindi sumasampalataya), katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya sa kanilang lipon ay Aming pinarusahan ng kasakit-sakit na kaparusahan.

إِذْ جَعَلَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ فِى قُلُوبِهِمُ ٱلْحَمِيَّةَ حَمِيَّةَ ٱلْجَٰهِلِيَّةِ فَأَنزَلَ ٱللَّهُ سَكِينَتَهُۥ عَلَىٰ رَسُولِهِۦ وَعَلَى ٱلْمُؤْمِنِينَ وَأَلْزَمَهُمْ كَلِمَةَ ٱلتَّقْوَىٰ ۖ وَكَانُوٓا۟ أَحَقَّ بِهَا وَأَهْلَهَا ۚ وَكَانَ ٱللَّهُ بِكُلِّ شَىْءٍ عَلِيمًا ﴿٢٦﴾

26. Nang ang mga hindi sumasampalataya ay naglagay sa kanilang puso ng kapalaluan at kayabangan, - ang kapalaluan at kayabangan nang panahon ng kawalang-muwang, - si Allah ay nagpapanaog ng Kanyang *Sakinah* (katahimikan at kapanatagan) sa Kanyang Sugo at gayundin sa mga Sumasampalataya at hinayaan Niya na manangan sila sa salita ng

kabanalan (alalaong baga, wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban kay Allah), at ito ay ganap na marapat sa kanila at (sila) ay karapat-dapat dito. At si Allah ang Ganap na Nakababatid ng lahat ng bagay.

لَّقَدْ صَدَقَ ٱللَّهُ رَسُولَهُ ٱلرُّءْيَا بِٱلْحَقِّ ۖ لَتَدْخُلُنَّ ٱلْمَسْجِدَ ٱلْحَرَامَ إِن شَآءَ ٱللَّهُ ءَامِنِينَ مُحَلِّقِينَ رُءُوسَكُمْ وَمُقَصِّرِينَ لَا تَخَافُونَ ۖ فَعَلِمَ مَا لَمْ تَعْلَمُوا۟ فَجَعَلَ مِن دُونِ ذَٰلِكَ فَتْحًا قَرِيبًا ﴿٢٧﴾

27. Katotohanang tutuparin ni Allah ang tunay na pangitain na Kanyang ipinamalas sa Kanyang Sugo (alalaong baga, si Propeta Muhammad ay nakakita sa panaginip na siya ay pumasok sa Makkah na kasama ang kanyang mga kapanalig, na ang kanilang buhok [sa ulo] ay ahit at nagugupitan nang maikli), sa tampok na katotohanan. Katiyakang kayo ay magsisipasok sa *Masjid Al-Haram* (Bahay-Dalanginan), kung pahihintulutan ni Allah, na may panatag na kaisipan, na ahit ang kanilang buhok sa ulo, at ang ibang buhok ay pinutulan nang maikli, at walang pangangamba, sapagka't nababatid Niya ang hindi ninyo nalalaman at nagkakaloob Siya maliban pa rito ng abot-kamay na Tagumpay.

هُوَ ٱلَّذِىٓ أَرْسَلَ رَسُولَهُۥ بِٱلْهُدَىٰ وَدِينِ ٱلْحَقِّ لِيُظْهِرَهُۥ عَلَى ٱلدِّينِ كُلِّهِۦ ۚ وَكَفَىٰ بِٱللَّهِ شَهِيدًا ﴿٢٨﴾

28. Siya (Allah) ang nagpadala ng Kanyang Sugo (Muhammad) ng may Patnubay at ng Pananampalataya ng Katotohanan (Islam), upang Kanyang magawa ito (Islam) na mangibabaw sa lahat ng mga pananampalataya, at Ganap na Sapat si Allah bilang isang Saksi.

مُّحَمَّدٌ رَّسُولُ ٱللَّهِ ۚ وَٱلَّذِينَ مَعَهُۥٓ أَشِدَّآءُ عَلَى ٱلْكُفَّارِ رُحَمَآءُ بَيْنَهُمْ ۖ تَرَىٰهُمْ رُكَّعًا سُجَّدًا يَبْتَغُونَ فَضْلًا مِّنَ ٱللَّهِ وَرِضْوَٰنًا ۖ سِيمَاهُمْ فِى وُجُوهِهِم مِّنْ أَثَرِ ٱلسُّجُودِ ۚ ذَٰلِكَ مَثَلُهُمْ فِى ٱلتَّوْرَىٰةِ ۚ وَمَثَلُهُمْ فِى ٱلْإِنجِيلِ كَزَرْعٍ أَخْرَجَ شَطْـَٔهُۥ فَـَٔازَرَهُۥ فَٱسْتَغْلَظَ فَٱسْتَوَىٰ عَلَىٰ سُوقِهِۦ يُعْجِبُ ٱلزُّرَّاعَ لِيَغِيظَ بِهِمُ ٱلْكُفَّارَ ۗ وَعَدَ ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ مِنْهُم مَّغْفِرَةً وَأَجْرًا عَظِيمًا ﴿٢٩﴾

29. Si Muhammad ang Sugo ni Allah, at ang mga tao na sumama sa kanya ay matatag laban sa mga hindi sumasampalataya, at sila ay mapagmahal sa isa't isa. Iyong mapagmamalas sila na yumuyukod at nagpapatirapa sa kanilang pagdalangin na naninilukhod ng Kasaganaan mula kay Allah at ng (Kanyang) Mabuting Pagkalugod. Sa kanilang mukha ay may mga marka (alalaong baga, ng kanilang pananampalataya) mula sa mga bakas ng kanilang pangangayupapa (sa pagdalangin). Ito ang nakakahalintulad nila sa *Torah* (mga Batas), at ang nakakahalintulad nila sa Ebanghelyo ay ito: Katulad nila ay buto (na itinanim) at bumukadkad sa pagtubo, at naging matatag, at sa kalaunan ay lumago at tumindig

nang matuwid, na nagbibigay sa mga nagtanim ng pagkamangha at kasiyahan. Dahilan dito, ang mga hindi sumasampalataya ay napuspos ng pagkagalit sa kanila. Si Allah ay nangako sa kanila na mga sumasampalataya (alalaong baga, sila na mga sumusunod sa Islam at nananalig sa Kaisahan ni Allah, ang Pananampalataya ni Propeta Muhammad hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay), at nagsisigawa ng kabutihan, ng pagpapatawad at ng isang malaking gantimpala.

سُورَةُ الحُجُرَاتِ

Surah 49

Surat Al-Hujurat
(Ang Mga Nagigitnang Silid)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. O kayong sumasampalataya! Huwag ninyong gawin sa inyong sarili na pangunahan si Allah at ang Kanyang Sugo, datapuwa't pangambahan ninyo si Allah. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakakarinig at Ganap na Nakababatid sa lahat ng bagay.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تُقَدِّمُوا۟ بَيْنَ يَدَىِ ٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ ۖ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ سَمِيعٌ عَلِيمٌ ﴿١﴾

2. O kayong sumasampalataya! Huwag ninyong itaas ang inyong tinig nang higit sa tinig ng Propeta, at huwag din namang mangusap sa kanya nang malakas na katulad ng inyong pag-uusap sa isa't isa, baka ang inyong mga gawain ay mawalan ng saysay habang ito ay hindi ninyo napag-aakala.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَرْفَعُوٓا۟ أَصْوَٰتَكُمْ فَوْقَ صَوْتِ ٱلنَّبِىِّ وَلَا تَجْهَرُوا۟ لَهُۥ بِٱلْقَوْلِ كَجَهْرِ بَعْضِكُمْ لِبَعْضٍ أَن تَحْبَطَ أَعْمَٰلُكُمْ وَأَنتُمْ لَا تَشْعُرُونَ ﴿٢﴾

3. Katotohanan, ang mga nagbababa ng kanilang tinig sa harapan ng Sugo ni Allah, sila yaong ang puso ay nasubok na ni Allah sa kataimtiman at kabanalan. Sasakanila ang Kapatawaran at Saganang Gantimpala.

إِنَّ ٱلَّذِينَ يَغُضُّونَ أَصْوَٰتَهُمْ عِندَ رَسُولِ ٱللَّهِ أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلَّذِينَ ٱمْتَحَنَ ٱللَّهُ قُلُوبَهُمْ لِلتَّقْوَىٰ ۚ لَهُم مَّغْفِرَةٌ وَأَجْرٌ عَظِيمٌ ﴿٣﴾

4. Katotohanan, sila na tumatawag sa iyo (O Muhammad) sa likod ng mga silid-tulugan, ang karamihan sa kanila ay kapos sa pang-unawa.

إِنَّ ٱلَّذِينَ يُنَادُونَكَ مِن وَرَآءِ ٱلْحُجُرَٰتِ أَكْثَرُهُمْ لَا يَعْقِلُونَ ﴿٤﴾

5. Kung mayroon lamang silang pagtitiyaga na maghintay hanggang sa sila ay iyong pakiharapan, ito ay higit na mainam sa kanila. At si Allah ay Pinakamapagtawad, ang Pinakamaawain.

وَلَوْ أَنَّهُمْ صَبَرُوا۟ حَتَّىٰ تَخْرُجَ إِلَيْهِمْ لَكَانَ خَيْرًا لَّهُمْ ۚ وَٱللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٥﴾

6. O kayong sumasampalataya! Kung ang isang mapaghimagsik at makasalanang tao ay dumatal sa inyo na may hatid na anumang balita, inyong tiyakin ang katotohanan, baka kayo ay makapinsala sa inyong kapwa dahilan sa kawalan ng kaalaman, at sa bandang huli ay matigib kayo sa pagsisisi sa inyong nagawa.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِن جَآءَكُمْ فَاسِقٌۢ بِنَبَإٍ فَتَبَيَّنُوٓا۟ أَن تُصِيبُوا۟ قَوْمًۢا بِجَهَٰلَةٍ فَتُصْبِحُوا۟ عَلَىٰ مَا فَعَلْتُمْ نَٰدِمِينَ ﴿٦﴾

7. At inyong maalaman na sa lipon ninyo ay naroroon ang Sugo ni Allah. Kung kayo ay kanyang susundin sa maraming mga bagay-bagay (alalaong baga, sa inyong mga kuru-kuro at hangarin), katiyakang kayo ay malalagay sa kahirapan. Datapuwa't si Allah ang (gumawa) na mapahamal sa inyo ang pananalig, at ginawa Niya ito na maging kasiya-siya sa inyong puso, at ginawa Niya na inyong kamuhian ang kawalan ng pananalig, ang kabuktutan at paghihimagsik at hindi pagsunod (kay Allah at sa Kanyang Sugo). Sila sa katotohanan ang (matuwid) na napapatnubayan.

وَٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّ فِيكُمْ رَسُولَ ٱللَّهِ ۚ لَوْ يُطِيعُكُمْ فِى كَثِيرٍ مِّنَ ٱلْأَمْرِ لَعَنِتُّمْ وَلَٰكِنَّ ٱللَّهَ حَبَّبَ إِلَيْكُمُ ٱلْإِيمَٰنَ وَزَيَّنَهُۥ فِى قُلُوبِكُمْ وَكَرَّهَ إِلَيْكُمُ ٱلْكُفْرَ وَٱلْفُسُوقَ وَٱلْعِصْيَانَ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلرَّٰشِدُونَ ﴿٧﴾

8. Isang biyaya at gantimpala mula kay Allah, at si Allah ay Tigib ng Kaalaman at Puspos ng Karunungan.

فَضْلًا مِّنَ ٱللَّهِ وَنِعْمَةً ۚ وَٱللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ ﴿٨﴾

9. At kung ang dalawang pangkat sa lipon ng mga sumasampalataya ay humantong sa isang tunggalian, kung gayon, inyong pagkasunduin sila sa isa't isa, datapuwa't kung ang isa sa kanila ay lumampas sa hangganan ng pagmamalabis laban sa isa, kung gayon, inyong labanan ang nagmamalabis hanggang sa ito ay magbalik (sa pagsunod) sa kautusan ni Allah. Subali't kung sila ay sumunod, kung gayon, kayo ay makipagkasundo sa pagitan nila ng may katarungan at maging pantay sa katarungan, sapagkat katotohanang si Allah ay nagmamahal sa kanila na makatarungan.

وَإِن طَآئِفَتَانِ مِنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ٱقْتَتَلُوا۟ فَأَصْلِحُوا۟ بَيْنَهُمَا ۖ فَإِنۢ بَغَتْ إِحْدَىٰهُمَا عَلَى ٱلْأُخْرَىٰ فَقَٰتِلُوا۟ ٱلَّتِى تَبْغِى حَتَّىٰ تَفِىٓءَ إِلَىٰٓ أَمْرِ ٱللَّهِ ۚ فَإِن فَآءَتْ فَأَصْلِحُوا۟ بَيْنَهُمَا بِٱلْعَدْلِ وَأَقْسِطُوٓا۟ ۖ إِنَّ ٱللَّهَ يُحِبُّ ٱلْمُقْسِطِينَ ﴿٩﴾

10. Katotohanan, ang mga sumasampalataya ay

إِنَّمَا ٱلْمُؤْمِنُونَ إِخْوَةٌ فَأَصْلِحُوا۟ بَيْنَ أَخَوَيْكُمْ ۚ

wala ng iba maliban na isang pagkakapatiran (sa Pananampalatayang Islam), kaya't makipagkasundo sa pagitan ng inyong nagtutunggaliang mga kapatid, at pangambahan ninyo si Allah upang kayo ay magkamit ng Habag.

وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ لَعَلَّكُمْ تُرْحَمُونَ ﴿١٠﴾

11. O kayong sumasampalataya! Huwag hayaan ang isang pangkat sa inyong kalalakihan ay mangutya sa ibang pangkat. Maaaring ang huli ay higit na mainam kaysa sa una at huwag din namang hayaan na ang ilan sa inyong kababaihan ay mangutya sa ibang kababaihan, maaaring ang huli ay higit na mainam kaysa sa una. At huwag ninyong siraan ang bawat isa, at gayundin, huwag ninyong tawagin ang bawat isa sa nakasasakit na mga palayaw. Tunay namang masama na inyong paringgan (ng hindi pagsunod) ang isang kapatid matapos na siya ay magkaroon ng Pananampalataya (alalaong baga, ang tawagin ang inyong Muslim na kapatid na naging isang matapat na mananampalataya ng pag-upasala). At kung sinuman ang hindi magsisi, katotohanang sila ang *Zalimun* (mga gumagawa ng kamalian, buktot, buhong, atbp.).

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا يَسْخَرْ قَوْمٌ مِّن قَوْمٍ عَسَىٰٓ أَن يَكُونُوا۟ خَيْرًا مِّنْهُمْ وَلَا نِسَآءٌ مِّن نِّسَآءٍ عَسَىٰٓ أَن يَكُنَّ خَيْرًا مِّنْهُنَّ ۖ وَلَا تَلْمِزُوٓا۟ أَنفُسَكُمْ وَلَا تَنَابَزُوا۟ بِٱلْأَلْقَٰبِ ۖ بِئْسَ ٱلِٱسْمُ ٱلْفُسُوقُ بَعْدَ ٱلْإِيمَٰنِ ۚ وَمَن لَّمْ يَتُبْ فَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلظَّٰلِمُونَ ﴿١١﴾

12. O kayong sumasampalataya! Inyong iwasan ang maraming pagdududa, katiyakang ang ilang pagdududa (sa ilang katatayuan) ay mga kasalanan. At huwag kayong manubok, gayundin huwag kayong magpamalas ng paninira (sa talikuran). Mayroon bang isa sa inyo ang ibig na kumain ng laman ng patay niyang kapatid? Tunay ngang kasusuklaman ninyo ito (kaya't kamuhian ninyo ang panlalait sa talikuran), datapuwa't inyong pangambahan si Allah, katotohanang si Allah ang Tanging Isa na tumatanggap ng pagsisisi, ang Pinakamaawain.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱجْتَنِبُوا۟ كَثِيرًا مِّنَ ٱلظَّنِّ إِنَّ بَعْضَ ٱلظَّنِّ إِثْمٌ ۖ وَلَا تَجَسَّسُوا۟ وَلَا يَغْتَب بَّعْضُكُم بَعْضًا ۚ أَيُحِبُّ أَحَدُكُمْ أَن يَأْكُلَ لَحْمَ أَخِيهِ مَيْتًا فَكَرِهْتُمُوهُ ۚ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ تَوَّابٌ رَّحِيمٌ ﴿١٢﴾

13. O sangkatauhan! Aming nilikha kayo mula sa isang pares ng lalaki at babae, at Aming ginawa kayo sa maraming bansa (pamayanan) at mga tribo upang mangakilala ninyo ang isa't isa. Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa paningin ni Allah ay (yaong sumasampalataya) na may *At-Taqwa* (katangian ng isang tunay na

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّاسُ إِنَّا خَلَقْنَٰكُم مِّن ذَكَرٍ وَأُنثَىٰ وَجَعَلْنَٰكُمْ شُعُوبًا وَقَبَآئِلَ لِتَعَارَفُوٓا۟ ۚ إِنَّ أَكْرَمَكُمْ عِندَ ٱللَّهِ أَتْقَىٰكُمْ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ عَلِيمٌ خَبِيرٌ ﴿١٣﴾

mananampalataya na may pag-aala-ala at pagkatakot kay Allah, kabanalan at kabutihan). Katotohanang si Allah ay Tigib ng Kaalaman at Lubos na Nakababatid ng lahat ng bagay.

۞ قَالَتِ ٱلْأَعْرَابُ ءَامَنَّا ۖ قُل لَّمْ تُؤْمِنُوا۟ وَلَٰكِن قُولُوٓا۟ أَسْلَمْنَا وَلَمَّا يَدْخُلِ ٱلْإِيمَٰنُ فِى قُلُوبِكُمْ ۖ وَإِن تُطِيعُوا۟ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ لَا يَلِتْكُم مِّنْ أَعْمَٰلِكُمْ شَيْـًٔا ۚ إِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١٤﴾

14. Ang mga *Bedouin* (mga Arabong nananahan sa disyerto) ay nagsasabi: "Kami ay sumasampalataya." Ipagbadya: "Kayo ay hindi sumasampalataya," bagkus ay nagsasabi lamang ng: "Kami ay nagsuko ng aming kalooban kay Allah (sa Islam)", sapagkat hindi pa pumasok ang pananampalataya sa inyong puso. Datapuwa't kung inyong susundin si Allah at ang Kanyang Sugo, hindi Niya mamaliitin ang inyong mga gawa at babawasan ang inyong gantimpala. Katotohanang si Allah ay Malimit na Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

إِنَّمَا ٱلْمُؤْمِنُونَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ ثُمَّ لَمْ يَرْتَابُوا۟ وَجَٰهَدُوا۟ بِأَمْوَٰلِهِمْ وَأَنفُسِهِمْ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلصَّٰدِقُونَ ﴿١٥﴾

15. Ang mga sumasampalataya ay sila lamang na nananalig kay Allah at sa Kanyang Sugo, at hindi nagkaroon ng anumang pag-aalinlangan sa pasimula pa, bagkus ay nagpupunyagi (nakikibaka) na kasama ang kanilang mga ari-arian at ang kanilang buhay tungo sa Kapakanan ni Allah. Sila nga, sila ang matatapat!

قُلْ أَتُعَلِّمُونَ ٱللَّهَ بِدِينِكُمْ ۚ وَٱللَّهُ يَعْلَمُ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ ۚ وَٱللَّهُ بِكُلِّ شَىْءٍ عَلِيمٌ ﴿١٦﴾

16. Ipagbadya: "Ano? Ipaaalam ba ninyo kay Allah ang tungkol sa inyong relihiyon?" Samantalang si Allah ang nakababatid ng lahat ng nasa kalangitan at kalupaan. Si Allah ang may Ganap na Kaalaman sa lahat ng bagay.

يَمُنُّونَ عَلَيْكَ أَنْ أَسْلَمُوا۟ ۖ قُل لَّا تَمُنُّوا۟ عَلَىَّ إِسْلَٰمَكُم ۖ بَلِ ٱللَّهُ يَمُنُّ عَلَيْكُمْ أَنْ هَدَىٰكُمْ لِلْإِيمَٰنِ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿١٧﴾

17. Sila ay nagtuturing na isang kagandahang-loob (mula sa kanila) tungo sa iyo (O Muhammad) na sila ay yumakap sa Islam. Iyong ipagbadya: "Huwag ninyong ituring ang inyong pagyakap sa Islam bilang isang kagandahang-loob (ninyo) sa akin." Hindi, datapuwa't si Allah ang nagkaloob ng kagandahang-loob sa inyo, nang Kanyang ginabayan kayo sa pananampalatayang Islam, kung kayo ay tunay na matatapat.

إِنَّ ٱللَّهَ يَعْلَمُ غَيْبَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ وَٱللَّهُ بَصِيرٌۢ بِمَا تَعْمَلُونَ ﴿١٨﴾

18. Katotohanang si Allah ang nakababatid ng mga nalilingid sa kalangitan at kalupaan, at si Allah ang Ganap na Nakamamasid nang lahat ninyong ginagawa.



Surah 50

Surat Qaf
(Ang Titik Q)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Qaf. (Ang titik Qa. Ito ay isa sa mga milagro ng Qur'an at tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan). Ako (Allah) ay nanunumpa sa Maluwalhating Qur'an.

قٓ ۚ وَٱلْقُرْءَانِ ٱلْمَجِيدِ ﴿١﴾

2. Datapuwa't sila ay namangha nang dumatal sa kanilang lipon ang isang Tagapagbabala. Kaya't ang mga hindi sumasampalataya ay nagsabi: "Ito ay isang kamangha-manghang bagay!"

بَلْ عَجِبُوٓا۟ أَن جَآءَهُم مُّنذِرٌ مِّنْهُمْ فَقَالَ ٱلْكَٰفِرُونَ هَٰذَا شَىْءٌ عَجِيبٌ ﴿٢﴾

3. "Ano? Na kung kami ay mamatay at maging abo, (kami ay muling mabubuhay)? Ito ay isang Pagbabalik na malayong mangyari."

أَءِذَا مِتْنَا وَكُنَّا تُرَابًا ۖ ذَٰلِكَ رَجْعٌۢ بَعِيدٌ ﴿٣﴾

4. Talastas Namin kung ano ang nilalagom ng lupa (nalilibing na mga patay na katawan). At nasa Amin ang isang Talaan (*Al-Lawhil Mahfouz*).

قَدْ عَلِمْنَا مَا تَنقُصُ ٱلْأَرْضُ مِنْهُمْ ۖ وَعِندَنَا كِتَٰبٌ حَفِيظٌۢ ﴿٤﴾

5. Datapuwa't itinatwa nila ang katotohanan (ang Qur'an) nang ito ay dumatal sa kanila, at sila ay nasa kalituhan (alalaong baga, hindi nila makilala ang pagkakaiba ng tumpak at mali).

بَلْ كَذَّبُوا۟ بِٱلْحَقِّ لَمَّا جَآءَهُمْ فَهُمْ فِىٓ أَمْرٍ مَّرِيجٍ ﴿٥﴾

6. Hindi baga sila nagmamasid sa alapaap (langit) sa kaitaasan? Kung paano Namin nilikha at ginayakan yaon, at doon ay walang anumang kasahulan ?

أَفَلَمْ يَنظُرُوٓا۟ إِلَى ٱلسَّمَآءِ فَوْقَهُمْ كَيْفَ بَنَيْنَٰهَا وَزَيَّنَّٰهَا وَمَا لَهَا مِن فُرُوجٍ ﴿٦﴾

7. At ang kalupaan! Aming inilatag ito at nilagyan ng kabundukan na nakatayo nang matatag, at nagpatubo (Kami) rito ng lahat ng uri ng magagandang pananim (na magkakatambal),

وَٱلْأَرْضَ مَدَدْنَٰهَا وَأَلْقَيْنَا فِيهَا رَوَٰسِىَ وَأَنۢبَتْنَا فِيهَا مِن كُلِّ زَوْجٍۭ بَهِيجٍ ﴿٧﴾

8. Bilang pananaw at pagunita (paala-ala) sa

تَبْصِرَةً وَذِكْرَىٰ لِكُلِّ عَبْدٍ مُّنِيبٍ ﴿٨﴾

bawat alipin na nagbabalik-loob kay Allah (alalaong baga, siya na sumasampalataya kay Allah at gumagawa ng mga pagsunod sa Kanya at laging humihingi ng Kanyang kapatawaran).

وَنَزَّلْنَا مِنَ ٱلسَّمَآءِ مَآءً مُّبَـٰرَكًا فَأَنۢبَتْنَا بِهِۦ جَنَّـٰتٍ وَحَبَّ ٱلْحَصِيدِ ﴿٩﴾

9. At pinamalisbis Namin mula sa alapaap ang ulan na puno ng biyaya, at pinasibol Namin dito (sa kalupaan) ang mga halamanan at butil sa mga pag-aani,

وَٱلنَّخْلَ بَاسِقَـٰتٍ لَّهَا طَلْعٌ نَّضِيدٌ ﴿١٠﴾

10. At matataas (at mabibikas) na punong palmera (datiles) na may mga piling na hitik sa bunga,

رِّزْقًا لِّلْعِبَادِ ۖ وَأَحْيَيْنَا بِهِۦ بَلْدَةً مَّيْتًا ۚ كَذَٰلِكَ ٱلْخُرُوجُ ﴿١١﴾

11. Bilang mga pagkain at ikabubuhay ng mga alipin (ni Allah); at ginawaran Namin ng buhay ang patay (tigang) na lupa. Sa ganitong (paghahambing) ang Muling Pagkabuhay (ng patay).

كَذَّبَتْ قَبْلَهُمْ قَوْمُ نُوحٍ وَأَصْحَـٰبُ ٱلرَّسِّ وَثَمُودُ ﴿١٢﴾

12. Bago pa man sila ay itinatwa na ng pamayanan ni Noah, ng mga taga-Rass, at (ng pamayanan) ng Thamud,

وَعَادٌ وَفِرْعَوْنُ وَإِخْوَٰنُ لُوطٍ ﴿١٣﴾

13. Ang (pamayanan) ng A'ad, ni Paraon, at mga kapatid ni Lut,

وَأَصْحَـٰبُ ٱلْأَيْكَةِ وَقَوْمُ تُبَّعٍ ۚ كُلٌّ كَذَّبَ ٱلرُّسُلَ فَحَقَّ وَعِيدِ ﴿١٤﴾

14. At ng mga Naninirahan sa Kakahuyan, at ng pamayanan ng Tubba. Ang bawat isa sa kanila ay nagtakwil sa (kanilang) mga Sugo, kaya't ang Aking Babala ay ipinatupad sa kanila.

أَفَعَيِينَا بِٱلْخَلْقِ ٱلْأَوَّلِ ۚ بَلْ هُمْ فِى لَبْسٍ مِّنْ خَلْقٍ جَدِيدٍ ﴿١٥﴾

15. Kami (Allah) baga ay napagal sa Aming Unang Paglikha, at sila ay naguguluhan at nag-aalinlangan sa Bagong Paglikha (alalaong baga, ang Muling Pagkabuhay)?

وَلَقَدْ خَلَقْنَا ٱلْإِنسَـٰنَ وَنَعْلَمُ مَا تُوَسْوِسُ بِهِۦ نَفْسُهُۥ ۖ وَنَحْنُ أَقْرَبُ إِلَيْهِ مِنْ حَبْلِ ٱلْوَرِيدِ ﴿١٦﴾

16. At katotohanang Kami ang lumikha sa tao, at batid Namin kung ano ang ibinubulong ng kanyang kaluluwa; sapagkat higit Kaming malapit sa kanya (sa Aming karunungan) kaysa sa kanyang ugat sa leeg.

إِذْ يَتَلَقَّى ٱلْمُتَلَقِّيَانِ عَنِ ٱلْيَمِينِ وَعَنِ ٱلشِّمَالِ قَعِيدٌ ﴿١٧﴾

17. Pagmasdan ang dalawang (nagbabantay na anghel) na nakatalaga upang maalaman (ang kanyang mga gawa), mabatid (at maitala ito). Isa ang nakaupo sa kanan at isa sa kaliwa.

مَّا يَلْفِظُ مِن قَوْلٍ إِلَّا لَدَيْهِ رَقِيبٌ عَتِيدٌ ﴿١٨﴾

18. Walang isa mang salita na kanyang usalin ang makakahulagpos sa matamang Tagapagbantay.

وَجَآءَتْ سَكْرَةُ ٱلْمَوْتِ بِٱلْحَقِّ ۖ ذَٰلِكَ مَا كُنتَ مِنْهُ تَحِيدُ ﴿١٩﴾

19. At ang kalasingan ng kamatayan ay daratal (magiging totoo). "Ito ang bagay na pinagsusumikapan mong takasan!"

وَنُفِخَ فِى ٱلصُّورِ ۚ ذَٰلِكَ يَوْمُ ٱلْوَعِيدِ ﴿٢٠﴾

20. At ang Tambuli ay hihipan. Ito ang Araw na ang Babala ay iginawad (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay).

وَجَآءَتْ كُلُّ نَفْسٍ مَّعَهَا سَآئِقٌ وَشَهِيدٌ ﴿٢١﴾

21. At ang bawat kaluluwa ay magsisilapit; na sa bawat isa ay (may anghel) na humihila at (anghel) na nagbibigay-patotoo.

لَّقَدْ كُنتَ فِى غَفْلَةٍ مِّنْ هَٰذَا فَكَشَفْنَا عَنكَ غِطَآءَكَ فَبَصَرُكَ ٱلْيَوْمَ حَدِيدٌ ﴿٢٢﴾

22. (At sa makasalanan ay ipagsasaysay): "Katotohanang ikaw ay hindi nakinig dito, ngayon ay Aming tinanggal ang iyong lambong, at higit na matalim ang iyong paningin sa Araw na ito!"

وَقَالَ قَرِينُهُۥ هَٰذَا مَا لَدَىَّ عَتِيدٌ ﴿٢٣﴾

23. At ang kanyang kasamang (anghel) ay magsasabi: "Narito sa akin ang Talaan na laging nakahanda!"

أَلْقِيَا فِى جَهَنَّمَ كُلَّ كَفَّارٍ عَنِيدٍ ﴿٢٤﴾

24. (At dito ay ipagbabadya sa dalawang anghel:) "Kapwa ninyo itapon sa Impiyerno ang bawat isang matigas ang ulo na walang pananalig (sa Kaisahan ni Allah, sa Kanyang mga Sugo)!"

مَّنَّاعٍ لِّلْخَيْرِ مُعْتَدٍ مُّرِيبٍ ﴿٢٥﴾

25. "Na nagbabawal sa mga mabubuti, na nagmalabis sa hangganan (ng pagsuway), at nag-aalinlangan;

ٱلَّذِى جَعَلَ مَعَ ٱللَّهِ إِلَٰهًا ءَاخَرَ فَأَلْقِيَاهُ فِى ٱلْعَذَابِ ٱلشَّدِيدِ ﴿٢٦﴾

26. Na nagtuturing ng iba pang diyos bilang katambal ni Allah, siya ay kapwa ninyo (mga anghel) itapon sa Kasakit-sakit na Kaparusahan."

۞ قَالَ قَرِينُهُۥ رَبَّنَا مَآ أَطْغَيْتُهُۥ وَلَٰكِن كَانَ فِى ضَلَٰلٍۭ بَعِيدٍ ﴿٢٧﴾

27. Ang kanyang kasama (si Satanas) ay magsasabi: "O aming Panginoon! Siya ay hindi ko itinulak na magmalabis sa pagsuway (kawalan ng pananalig, pang-aapi, kabuktutan), datapuwa't siya (sa kanyang sarili) ay nasa kamalian at pagkaligaw na malayo."

قَالَ لَا تَخْتَصِمُوا۟ لَدَىَّ وَقَدْ قَدَّمْتُ إِلَيْكُم بِٱلْوَعِيدِ ﴿٢٨﴾

28. Si Allah ay magwiwika (sa kanila): "Huwag kayong magtalo sa Aking Harapan. Noon pa mang una, Ako ay nagparating na sa inyo ng Babala."

مَا يُبَدَّلُ ٱلْقَوْلُ لَدَىَّ وَمَآ أَنَا۠ بِظَلَّٰمٍ لِّلْعَبِيدِ ﴿٢٩﴾

29. "Ang Aking Salita (Pangako) ay hindi magbabago, at Ako ay hindi maggagawad ng kahit isa mang katiting ng di-katarungan sa Aking mga alipin".

30. Sa Araw na (ito), Aming tatanungin ang Impiyerno:, "Ikaw baga ay nalalagyan na nang husto?" Ito ay magsasabi: "Mayroon pa bang ibang darating?"

يَوْمَ نَقُولُ لِجَهَنَّمَ هَلِ ٱمْتَلَأْتِ وَتَقُولُ هَلْ مِن مَّزِيدٍ ﴿٣٠﴾

31. At ang Halamanan (Paraiso) ay itatambad nang malapit sa *Muttaqun* (mga matutuwid at matimtimang tao na umiiwas sa lahat ng mga ipinagbabawal at sumusunod sa lahat ng mga ipinag-uutos ni Allah).

وَأُزْلِفَتِ ٱلْجَنَّةُ لِلْمُتَّقِينَ غَيْرَ بَعِيدٍ ﴿٣١﴾

32. (At dito ay ipagbabadya): "Ito ang ipinangako sa inyo, (ito ay para) sa kanila na lagi nang nagbabalik-loob (kay Allah) sa taos na pagsisisi at nagpapanatili sa kanilang kasunduan kay Allah (sa pagsunod sa Kanya sa lahat ng Kanyang ipinag-uutos at sumasamba lamang sa Kanya),

هَٰذَا مَا تُوعَدُونَ لِكُلِّ أَوَّابٍ حَفِيظٍ ﴿٣٢﴾

33. (Na naniniwala at) nangangamba sa Pinakamahabagin (Allah) na nasa *Ghaib* (nasa lingid o hindi nakikita) at dumudulog na may puso na nagbabalik-loob (sa pagsisisi).

مَّنْ خَشِيَ ٱلرَّحْمَٰنَ بِٱلْغَيْبِ وَجَآءَ بِقَلْبٍ مُّنِيبٍ ﴿٣٣﴾

34. Magsipasok kayo rito (Paraiso) sa kapayapaan (at kapanatagan); ito ang Araw ng Walang Hanggang Buhay!"

ٱدْخُلُوهَا بِسَلَٰمٍ ذَٰلِكَ يَوْمُ ٱلْخُلُودِ ﴿٣٤﴾

35. Matatamasa nila rito ang lahat nilang ninanais, at mayroon pang ibang nakalaan na nasa Amin.

لَهُم مَّا يَشَآءُونَ فِيهَا وَلَدَيْنَا مَزِيدٌ ﴿٣٥﴾

36. Ngunit ilan na bang mga lahi ang winasak Namin nang una pa rito (dahilan sa kanilang kabuktutan), na higit na malakas sa kapangyarihan sa kanila? (At nang ang Kaparusahan ay dumatal), sila ay nagsipa-mayagpag sa kalupaan (upang maghanap ng kanlungan)! Makakatagpo ba sila ng anumang pook ng kanlungan (upang iligtas ang kanilang sarili sa pagkawasak)?

وَكَمْ أَهْلَكْنَا قَبْلَهُم مِّن قَرْنٍ هُمْ أَشَدُّ مِنْهُم بَطْشًا فَنَقَّبُوا۟ فِى ٱلْبِلَٰدِ هَلْ مِن مَّحِيصٍ ﴿٣٦﴾

37. Katotohanang naririto ang isang tiyak na Paala-ala sa sinuman na may puso at pang-unawa o siya na dumirinig at isang saksi.

إِنَّ فِى ذَٰلِكَ لَذِكْرَىٰ لِمَن كَانَ لَهُۥ قَلْبٌ أَوْ أَلْقَى ٱلسَّمْعَ وَهُوَ شَهِيدٌ ﴿٣٧﴾

38. Katotohanang nilikha Namin ang kalangitan at kalupaan at lahat ng nasa pagitan nito sa anim na araw, at walang anumang pagkapagal ang nakapanaig sa Amin?

وَلَقَدْ خَلَقْنَا ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ وَمَا بَيْنَهُمَا فِى سِتَّةِ أَيَّامٍ وَمَا مَسَّنَا مِن لُّغُوبٍ ﴿٣٨﴾

فَٱصۡبِرۡ عَلَىٰ مَا يَقُولُونَ وَسَبِّحۡ بِحَمۡدِ رَبِّكَ قَبۡلَ طُلُوعِ ٱلشَّمۡسِ وَقَبۡلَ ٱلۡغُرُوبِ ﴿٣٩﴾

39. Kaya't iyong pagtiisan (O Muhammad) ang lahat nilang sinasabi, at ipagbunyi mo ang mga pagpupuri sa iyong Panginoon, bago dumatal ang pagbubukang-liwayway at bago kumagat ang dilim (alalaong baga, ang pang-umaga, pangtanghali at panghapong panalangin - *Fajr, Dhuhur at Asr*).

وَمِنَ ٱلَّيۡلِ فَسَبِّحۡهُ وَأَدۡبَٰرَ ٱلسُّجُودِ ﴿٤٠﴾

40. At (gayundin) sa mga bahagi ng gabi, ipagbunyi ang Kanyang mga papuri (alalaong baga, ang pangtakipsilim at panggabing panalangin — *Maghrib at Isha*), (at gayundin naman) pagkatapos ng pagpapatirapa (sa pananalangin), [katulad halimbawa ng pagdalit ng isang daang beses ng *Subhan Allah, Alhamdu lillah, Allahu Akbar*].

وَٱسۡتَمِعۡ يَوۡمَ يُنَادِ ٱلۡمُنَادِ مِن مَّكَانٖ قَرِيبٖ ﴿٤١﴾

41. At pakinggan sa Araw (na yaon) kung ang Tagatawag ay tumawag na sa isang pook na lubhang malapit.

يَوۡمَ يَسۡمَعُونَ ٱلصَّيۡحَةَ بِٱلۡحَقِّۚ ذَٰلِكَ يَوۡمُ ٱلۡخُرُوجِ ﴿٤٢﴾

42. Sa Araw na sila ay makakarinig nang (malakas) na Pagsambulat na (walang pagsala) at sa katotohanan (alalaong baga, ang paglabas ng mga tao sa kanilang libingan), ito ang Araw ng Muling Pagkabuhay.

إِنَّا نَحۡنُ نُحۡيِۦ وَنُمِيتُ وَإِلَيۡنَا ٱلۡمَصِيرُ ﴿٤٣﴾

43. Katotohanang Kami ang naggagawad ng Buhay at nagkakaloob ng Kamatayan; at sa Amin ang Huling Pagbabalik.

يَوۡمَ تَشَقَّقُ ٱلۡأَرۡضُ عَنۡهُمۡ سِرَاعٗاۚ ذَٰلِكَ حَشۡرٌ عَلَيۡنَا يَسِيرٞ ﴿٤٤﴾

44. Sa Araw na ang Kalupaan ay malalansag (sa pagkabiyak), na hinahayaan sila na nagmamadali sa paglabas: ito ang takdang pagtitipon na lubhang magaan sa Amin.

نَّحۡنُ أَعۡلَمُ بِمَا يَقُولُونَۖ وَمَآ أَنتَ عَلَيۡهِم بِجَبَّارٖۚ فَذَكِّرۡ بِٱلۡقُرۡءَانِ مَن يَخَافُ وَعِيدِ ﴿٤٥﴾

45. Labis Naming nababatid ang kanilang sinasabi; at ikaw (O Muhammad) ay hindi (siyang) makapagpapasunod nang sapilitan sa kanila (upang manampalataya). Datapuwa't magpaala-ala ka sa pamamagitan ng Qur'an sa sinumang nangangamba sa Aking Banta!

Surah 51

Surat Az-Zariyat
(Ang Hangin na Nagsisipangalat)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ako (Allah) ay nanunumpa (sa hangin) na nagkakalat ng alikabok,

وَٱلذَّٰرِيَٰتِ ذَرْوًا ﴿١﴾

2. At sa (mga ulap) na nag-aangat (at nagdadala) nang mabigat na timbang ng tubig;

فَٱلْحَٰمِلَٰتِ وِقْرًا ﴿٢﴾

3. At sa (mga barko) na umuusad nang madali at banayad;

فَٱلْجَٰرِيَٰتِ يُسْرًا ﴿٣﴾

4. At sa (mga anghel) na namamahagi (ng mga ikabubuhay, ulan at ibang mga biyaya) sa pag-uutos (ni Allah),

فَٱلْمُقَسِّمَٰتِ أَمْرًا ﴿٤﴾

5. Katotohanan, ang ipinangako sa inyo (alalaong baga, ang Muling Pagkabuhay at ang pagtanggap ng gantimpala o kaparusahan sa mabuti o masamang gawa) ay katiyakang tunay.

إِنَّمَا تُوعَدُونَ لَصَادِقٌ ﴿٥﴾

6. At walang pagsala, ang Kabayaran (kahatulan sa katarungan) ay katotohanang magaganap.

وَإِنَّ ٱلدِّينَ لَوَٰقِعٌ ﴿٦﴾

7. Ako (Allah) ay nanunumpa sa langit na may maraming Landas.

وَٱلسَّمَآءِ ذَاتِ ٱلْحُبُكِ ﴿٧﴾

8. Katotohanang kayo ay may magkakaibang pananaw (tungkol kay Muhammad at sa Qur'an).

إِنَّكُمْ لَفِى قَوْلٍ مُّخْتَلِفٍ ﴿٨﴾

9. (Siya) na nalinlang nang palayo rito (alalaong baga, kay Muhammad at sa Qur'an) ay siya na nadaya.

يُؤْفَكُ عَنْهُ مَنْ أُفِكَ ﴿٩﴾

10. Sumpain ang mga mapaggawa ng kabulaanan.

قُتِلَ ٱلْخَرَّٰصُونَ ﴿١٠﴾

11. Sila na nasa ilalim ng lambong ng kawalan ng pakikinig at pagsunod (na nagwawalang-bahala sa kahalagahan ng Kabilang Buhay).

ٱلَّذِينَ هُمْ فِى غَمْرَةٍ سَاهُونَ ﴿١١﴾

12. Sila ay nagtatanong: "Kailan nga ba ang Araw ng Kabayaran (Paghuhukom sa Katarungan)?"

يَسْـَٔلُونَ أَيَّانَ يَوْمُ ٱلدِّينِ ﴿١٢﴾

يَوْمَ هُمْ عَلَى ٱلنَّارِ يُفْتَنُونَ ﴿١٣﴾

13. (Ito ang) Araw na sila ay isusugba (at susubukan) sa Apoy!

ذُوقُوا۟ فِتْنَتَكُمْ هَٰذَا ٱلَّذِى كُنتُم بِهِۦ تَسْتَعْجِلُونَ ﴿١٤﴾

14. "Lasapin ninyo ang inyong pagsubok (kaparusahan)! Ito ang inyong minamadali!"

إِنَّ ٱلْمُتَّقِينَ فِى جَنَّٰتٍ وَعُيُونٍ ﴿١٥﴾

15. Katotohanan, ang matutuwid (sa kabutihan) ay mapapagitna sa mga halamanan at mga batis (Paraiso),

ءَاخِذِينَ مَآ ءَاتَىٰهُمْ رَبُّهُمْ ۚ إِنَّهُمْ كَانُوا۟ قَبْلَ ذَٰلِكَ مُحْسِنِينَ ﴿١٦﴾

16. Na nagtatamasa ng kasiyahan sa mga bagay na iginawad ng kanilang Panginoon. Katotohanang noong una pa rito, sila ay naging *Muhsinun* (mga mapaggawa ng kabutihan at katuwiran).

كَانُوا۟ قَلِيلًا مِّنَ ٱلَّيْلِ مَا يَهْجَعُونَ ﴿١٧﴾

17. Sila ay nahirati nang matulog nang maigsi lamang sa oras ng gabi (na naninikluhod sa kanilang Panginoon [Allah] at nananalangin ng may pangangamba at pag-asa).

وَبِٱلْأَسْحَارِ هُمْ يَسْتَغْفِرُونَ ﴿١٨﴾

18. At sa mga oras ng bukang-liwayway, sila ay nagsisipanalangin ng kapatawaran (kay Allah),

وَفِىٓ أَمْوَٰلِهِمْ حَقٌّ لِّلسَّآئِلِ وَٱلْمَحْرُومِ ﴿١٩﴾

19. At sa kanilang kayamanan ay mayroon dapat na ibahagi sa mga pulubi at sa mga naghihikahos (na hindi nanglilimos sa iba).

وَفِى ٱلْأَرْضِ ءَايَٰتٌ لِّلْمُوقِنِينَ ﴿٢٠﴾

20. At sa kalupaan ay naririto ang mga Tanda sa mga may Pananalig na may katiyakan.

وَفِىٓ أَنفُسِكُمْ ۚ أَفَلَا تُبْصِرُونَ ﴿٢١﴾

21. At gayundin sa inyong sarili. Hindi baga ninyo nakikita?

وَفِى ٱلسَّمَآءِ رِزْقُكُمْ وَمَا تُوعَدُونَ ﴿٢٢﴾

22. At sa kalangitan ay naroroon ang inyong biyaya na sa inyo ay ipinangako.

فَوَرَبِّ ٱلسَّمَآءِ وَٱلْأَرْضِ إِنَّهُۥ لَحَقٌّ مِّثْلَ مَآ أَنَّكُمْ تَنطِقُونَ ﴿٢٣﴾

23. Kaya't Ako (Allah) ay nanunumpa sa Panginoon ng kalangitan at kalupaan na ito ang Katotohanan (alalaong baga, ang ipinangako sa inyo), talagang ito ay (tunay) na inyong masasabi.

هَلْ أَتَىٰكَ حَدِيثُ ضَيْفِ إِبْرَٰهِيمَ ٱلْمُكْرَمِينَ ﴿٢٤﴾

24. Nakarating na ba sa iyo ang kasaysayan ng marangal na Panauhin ni Abraham (ang tatlong anghel; si Gabriel at dalawang iba pa)?

إِذْ دَخَلُوا۟ عَلَيْهِ فَقَالُوا۟ سَلَٰمًا ۖ قَالَ سَلَٰمٌ قَوْمٌ مُّنكَرُونَ ﴿٢٥﴾

25. Nang sila (mga anghel) ay magsitambad sa kanyang harapan at nagsabi: "Kapayapaan!" Siya (Abraham) ay pumakli: "Kapayapaan!", at nagsabi: "Kayo ay mga tao na hindi ko kakilala."

فَرَاغَ إِلَىٰٓ أَهْلِهِۦ فَجَآءَ بِعِجْلٍ سَمِينٍ ﴿٢٦﴾

26. At siya ay maliksing bumaling sa kanyang

kasambahay, at siya ay naglabas ng isang litsong baka (ang karamihan ng ari-arian ni Abraham ay mga baka).

فَقَرَّبَهُۥٓ إِلَيْهِمْ قَالَ أَلَا تَأْكُلُونَ ﴿٢٧﴾

27. At inilatag (inihain) niya ito sa kanilang harapan at nagsabi: " Hindi ba kayo kakain"?

فَأَوْجَسَ مِنْهُمْ خِيفَةً ۖ قَالُوا۟ لَا تَخَفْ ۖ وَبَشَّرُوهُ بِغُلَٰمٍ عَلِيمٍ ﴿٢٨﴾

28. (At nang sila ay hindi kumain), siya ay nakadama nang pagkatakot sa kanila. Sila ay nagbadya: "Huwag kang matakot.", at sila ay nagbigay sa kanya nang masayang balita (ng pagdatal) ng isang anak na lalaki (Isaac) na may karunungan (tungkol kay Allah at sa Kanyang Kaisahan).

فَأَقْبَلَتِ ٱمْرَأَتُهُۥ فِى صَرَّةٍ فَصَكَّتْ وَجْهَهَا وَقَالَتْ عَجُوزٌ عَقِيمٌ ﴿٢٩﴾

29. Datapuwa't ang kanyang asawa ay lumapit sa kanila na nag-iingay; na tumatampal sa kanyang mukha, at nagsabi: "(Ako) ay isang baog at matandang babae!" (alalaong baga, paano siya [Sarah] magkakaanak gayong siya ay humigit-kumulang na sa 99 taon).

قَالُوا۟ كَذَٰلِكِ قَالَ رَبُّكِ ۖ إِنَّهُۥ هُوَ ٱلْحَكِيمُ ٱلْعَلِيمُ ﴿٣٠﴾

30. Sila (mga anghel) ay nagturing: "Sa ganitong (kapamahalaan) ang winika ng iyong Panginoon. Katotohanang Siya ay Tigib ng Karunungan, ang Puspos ng Kaalaman."

۞ قَالَ فَمَا خَطْبُكُمْ أَيُّهَا ٱلْمُرْسَلُونَ ﴿٣١﴾

31. (Si Abraham) ay nagsabi: "Kung gayon, O kayong mga Sugo, ano ang inyong layunin sa inyong pagparito?

قَالُوٓا۟ إِنَّآ أُرْسِلْنَآ إِلَىٰ قَوْمٍ مُّجْرِمِينَ ﴿٣٢﴾

32. Sila ay nagturing: "Kami ay isinugo sa mga tao na nakalubog sa kasalanan, (buktot, tampalasan, walang pananalig kay Allah, kriminal);

لِنُرْسِلَ عَلَيْهِمْ حِجَارَةً مِّن طِينٍ ﴿٣٣﴾

33. Upang ihatid sa kanila (ang ulan) ng mga batong putik,

مُّسَوَّمَةً عِندَ رَبِّكَ لِلْمُسْرِفِينَ ﴿٣٤﴾

34. Na itinakda ng iyong Panginoon sa mga mapagsamba sa diyus-diyosan (nagmamalabis sa pagsuway sa lahat ng hangganan, makasalanan)."

فَأَخْرَجْنَا مَن كَانَ فِيهَا مِنَ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿٣٥﴾

35. Kaya't Aming inilikas ang mga nananam-palataya na naroroon.

فَمَا وَجَدْنَا فِيهَا غَيْرَ بَيْتٍ مِّنَ ٱلْمُسْلِمِينَ ﴿٣٦﴾

36. Ngunit wala Kaming natagpuan doon sa kanilang lipon maliban sa (isang) bahay ng Muslim (alalaong baga, si Lut at dalawa niyang anak na babae).

وَتَرَكْنَا فِيهَآ ءَايَةً لِّلَّذِينَ يَخَافُونَ ٱلْعَذَابَ ٱلْأَلِيمَ ﴿٣٧﴾

37. At nag-iwan Kami roon ng isang Tanda (alalaong baga, ang pook ng Patay na Dagat [Dead Sea] na bantog sa Palestina), sa mga may pangangamba sa Kasakit-sakit na Kaparusahan.

38. At kay Moises din (ay may isang Tanda), nang siya ay isinugo Namin kay Paraon na may lantad na kapamahalaan.

وَفِي مُوسَىٰٓ إِذْ أَرْسَلْنَٰهُ إِلَىٰ فِرْعَوْنَ بِسُلْطَٰنٍ مُّبِينٍ ﴿٣٨﴾

39. Datapuwa't (si Paraon) ay tumalikod (sa pananampalataya ng may karahasan) na kasama ang kanyang mga kapanalig, at nagsabi: "Isang manggagaway, isang inaalihan (ng demonyo)!"

فَتَوَلَّىٰ بِرُكْنِهِۦ وَقَالَ سَٰحِرٌ أَوْ مَجْنُونٌ ﴿٣٩﴾

40. Kaya't Aming sinukol siya at ang kanyang mga sundalo, at sila ay inihagis Namin sa dagat, habang siya ang dapat na sisihin.

فَأَخَذْنَٰهُ وَجُنُودَهُۥ فَنَبَذْنَٰهُمْ فِى ٱلْيَمِّ وَهُوَ مُلِيمٌ ﴿٤٠﴾

41. At sa pamayanan ng A'ad (ay mayroon ding isang Tanda): Nang Aming ipinadala laban sa kanila ang mapaminsalang Hangin;

وَفِى عَادٍ إِذْ أَرْسَلْنَا عَلَيْهِمُ ٱلرِّيحَ ٱلْعَقِيمَ ﴿٤١﴾

42. Ito (Hangin) ay hindi nag-iwan ng anuman sa landas na kanyang tinahak maliban sa mga wasak-wasak na guho.

مَا تَذَرُ مِن شَىْءٍ أَتَتْ عَلَيْهِ إِلَّا جَعَلَتْهُ كَٱلرَّمِيمِ ﴿٤٢﴾

43. At sa pamayanan ng Thamud (ay mayroon ding isang Tanda): Sila ay pinagsabihan: "Pansamantala kayong magpakasaya sa inyong sarili!"

وَفِى ثَمُودَ إِذْ قِيلَ لَهُمْ تَمَتَّعُوا۟ حَتَّىٰ حِينٍ ﴿٤٣﴾

44. Datapuwa't sila ay tandisang tumutol sa pag-uutos ng kanilang Panginoon, kaya't ang mapaminsalang Hiyaw (kaparusahan, nag-aapoy na kidlat) ay lumukob sa kanila habang sila ay nagmamasid.

فَعَتَوْا۟ عَنْ أَمْرِ رَبِّهِمْ فَأَخَذَتْهُمُ ٱلصَّٰعِقَةُ وَهُمْ يَنظُرُونَ ﴿٤٤﴾

45. Kaya't hindi nila nakuhang makatindig sa kanilang sarili, gayundin ay hindi nila matulungan ang kanilang sarili.

فَمَا ٱسْتَطَٰعُوا۟ مِن قِيَامٍ وَمَا كَانُوا۟ مُنتَصِرِينَ ﴿٤٥﴾

46. (At gayundin naman) ang mga tao ni Noah na una pa sa kanila. Katotohanang sila ay mga tao na mapaghimagsik (palasuway kay Allah, buktot, buhong).

وَقَوْمَ نُوحٍ مِّن قَبْلُ إِنَّهُمْ كَانُوا۟ قَوْمًا فَٰسِقِينَ ﴿٤٦﴾

47. At Aming itinayo ang Kalangitan (sa kaitaasan) nang may katatagan. Katotohanang magagawa Namin na palawigin ang kalawakang yaon.

وَٱلسَّمَآءَ بَنَيْنَٰهَا بِأَيْىٍ۟ وَإِنَّا لَمُوسِعُونَ ﴿٤٧﴾

48. At Aming inilatag ang (maaliwalas) na kalupaan. At tunay na Magaling ang gumawa nito!

وَٱلْأَرْضَ فَرَشْنَٰهَا فَنِعْمَ ٱلْمَٰهِدُونَ ﴿٤٨﴾

49. At sa bawat bagay ay lumikha Kami ng pares, upang inyong magunita (ang Biyaya ni Allah).

وَمِن كُلِّ شَىْءٍ خَلَقْنَا زَوْجَيْنِ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ ﴿٤٩﴾

فَفِرُّوٓاْ إِلَى ٱللَّهِۖ إِنِّي لَكُم مِّنْهُ نَذِيرٞ مُّبِينٞ ﴿٥٠﴾

50. Kaya't magsitalilis kayo patungo kay Allah (mula sa Kanyang Kaparusahan tungo sa Kanyang Habag). Katotohanang ako (Muhammad) ay isang Tagapagbabala sa inyo mula sa Kanya.

وَلَا تَجۡعَلُواْ مَعَ ٱللَّهِ إِلَٰهًا ءَاخَرَۖ إِنِّي لَكُم مِّنْهُ نَذِيرٞ مُّبِينٞ ﴿٥١﴾

51. At huwag ninyong ituring ang iba pang bagay (sa inyong pagsamba) na katambal ni Allah (Siya lamang ang luwalhatiin, higit Siyang Mataas sa lahat nang iniaakibat sa Kanya). Katotohanang ako (Muhammad) ay isang Tagapagbabala sa inyo mula sa Kanya.

كَذَٰلِكَ مَآ أَتَى ٱلَّذِينَ مِن قَبۡلِهِم مِّن رَّسُولٍ إِلَّا قَالُواْ سَاحِرٌ أَوۡ مَجۡنُونٌ ﴿٥٢﴾

52. Gayundin naman, walang sinumang Sugo ang dumatal sa kanilang pamayanan na hindi nila pinagwikaan sa magkakatulad na bintang: "Isang manggagaway o isang inaalihan (ng demonyo)!"

أَتَوَاصَوۡاْ بِهِۦۚ بَلۡ هُمۡ قَوۡمٞ طَاغُونَ ﴿٥٣﴾

53. Sila baga (na mga tao ng panahong sinauna) ay nagkalat ng ganitong salitain sa kanila (na mga paganong *Quraish*)? Tunay nga, sila ang mga tao na lumabag sa pagsuway sa lahat ng hangganan (ng kawalang-pananalig)!

فَتَوَلَّ عَنۡهُمۡ فَمَآ أَنتَ بِمَلُومٖ ﴿٥٤﴾

54. Kaya't lumayo ka (O Muhammad) sa kanila (na paganong *Quraish*), ikaw ay hindi bibigyang-sisi (sapagkat naipaabot mo ang Mensahe ni Allah).

وَذَكِّرۡ فَإِنَّ ٱلذِّكۡرَىٰ تَنفَعُ ٱلۡمُؤۡمِنِينَ ﴿٥٥﴾

55. At paalalahanan mo sila (O Muhammad) sa pamamagitan ng pangangaral (ng Qur'an), sapagkat katotohanan, ang pagpapaala-ala ay kapakinabangan sa mga sumasampalataya.

وَمَا خَلَقۡتُ ٱلۡجِنَّ وَٱلۡإِنسَ إِلَّا لِيَعۡبُدُونِ ﴿٥٦﴾

56. At hindi Ko nilikha ang mga *Jinn* at mga Tao maliban na tanging sambahin lamang Ako.

مَآ أُرِيدُ مِنۡهُم مِّن رِّزۡقٖ وَمَآ أُرِيدُ أَن يُطۡعِمُونِ ﴿٥٧﴾

57. Hindi Ako naghahangad ng pagtataguyod mula sa kanila (alalaong baga, ng ikabubuhay sa kanilang sarili o sa Aking mga nilalang), gayundin naman, Ako ay hindi nanghihingi sa kanila na Ako ay kanilang pakainin (alalaong baga, ang pakainin ang kanilang sarili o ang Aking mga nilalang).

إِنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلرَّزَّاقُ ذُو ٱلۡقُوَّةِ ٱلۡمَتِينُ ﴿٥٨﴾

58. Sapagkat katotohanang si Allah ang Tagapanustos ng Lahat, (Siya ang nagbibigay nang lahat ng ikinabubuhay), ang Nag-aangkin ng Kapamahalaan, ang Pinakamakapangyarihan.

فَإِنَّ لِلَّذِينَ ظَلَمُوا ذَنُوبًا مِّثْلَ ذَنُوبِ أَصْحَابِهِمْ فَلَا يَسْتَعْجِلُونِ ﴿٥٩﴾

59. At katotohanang sa mga mapaggawa ng kamalian ay mayroong isang bahagi ng kaparusahan na katulad ng masamang bahagi ng kaparusahan (na dumatal) sa nakakatulad nila (na sinaunang lahi), kaya't huwag nilang hilingin sa Akin na madaliin Ko (ang gayong bahagi)!

فَوَيْلٌ لِّلَّذِينَ كَفَرُوا مِن يَوْمِهِمُ الَّذِي يُوعَدُونَ ﴿٦٠﴾

60. Kung gayon, kasawian sa mga hindi sumasampalataya (kay Allah at sa Kanyang Kaisahan) sa (gayong) Araw na sa kanila ay ipinangako (ang kaparusahan)!

سُورَةُ الطُّورِ

Surah 52

Surat At-Tur
(Ang Bundok)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ

وَالطُّورِ ﴿١﴾

1. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Bundok ng Tur;

وَكِتَابٍ مَّسْطُورٍ ﴿٢﴾

2. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa Aklat na nakatitik,

فِي رَقٍّ مَّنشُورٍ ﴿٣﴾

3. Sa kalatas (dahon) na nakalantad;

وَالْبَيْتِ الْمَعْمُورِ ﴿٤﴾

4. Ako (Allah) ay nanunumpa sa *Bait-ul-Mamur* (ang Tahanan sa ibabaw ng kalangitan na tulad ng Kaba sa Makkah na patuloy na dinadalaw ng mga anghel);

وَالسَّقْفِ الْمَرْفُوعِ ﴿٥﴾

5. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa Kulandong na itinayo nang mataas (alalaong baga ang langit);

وَالْبَحْرِ الْمَسْجُورِ ﴿٦﴾

6. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa karagatan na umaapaw (o ito ay magiging apoy na sisindihan sa Araw ng Muling Pagkabuhay).

إِنَّ عَذَابَ رَبِّكَ لَوَاقِعٌ ﴿٧﴾

7. Katotohanan, ang kaparusahan ng inyong Panginoon ay walang pagsalang daratal,

مَّا لَهُ مِن دَافِعٍ ﴿٨﴾

8. Walang sinuman ang makahahadlang dito;

يَوْمَ تَمُورُ السَّمَاءُ مَوْرًا ﴿٩﴾

9. Sa Araw na ang susun-susong kalangitan ay makakalog sa matinding pagkauga,

وَتَسِيرُ ٱلْجِبَالُ سَيْرًا ﴿١٠﴾

10. At ang kabundukan ay matitinag sa isang (kagimbal-gimbal) na pagkilos.

فَوَيْلٌ يَوْمَئِذٍ لِّلْمُكَذِّبِينَ ﴿١١﴾

11. Kaya't kasawian sa Araw na yaon sa mga nagpapabulaan (sa katotohanan);

ٱلَّذِينَ هُمْ فِى خَوْضٍ يَلْعَبُونَ ﴿١٢﴾

12. Na naglalaro ng kasinungalingan[53] .

يَوْمَ يُدَعُّونَ إِلَىٰ نَارِ جَهَنَّمَ دَعًّا ﴿١٣﴾

13. Sa Araw na sila ay sapilitang itutulak nang pababa (sa kailaliman) ng Apoy ng Impiyerno nang may kahindik-hindik at puwersahang pagtulak.

هَٰذِهِ ٱلنَّارُ ٱلَّتِى كُنتُم بِهَا تُكَذِّبُونَ ﴿١٤﴾

14. (At sa kanila ay ipagbabadya): "Ito ang Apoy na inyong itinatwa!"

أَفَسِحْرٌ هَٰذَآ أَمْ أَنتُمْ لَا تُبْصِرُونَ ﴿١٥﴾

15. "Ito baga ay isang salamangka, o kayo ay hindi nakakakita?

ٱصْلَوْهَا فَٱصْبِرُوٓا۟ أَوْ لَا تَصْبِرُوا۟ سَوَآءٌ عَلَيْكُمْ ۖ إِنَّمَا تُجْزَوْنَ مَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿١٦﴾

16. "Inyong lasapin dito ang init, at kahit na kayo ay matiisin sa ganito o hindi matiisin sa ganito, itong lahat ay magkakatulad. Kayo ay tumanggap lamang ng kabayaran sa inyong mga gawa."

إِنَّ ٱلْمُتَّقِينَ فِى جَنَّٰتٍ وَنَعِيمٍ ﴿١٧﴾

17. Katotohanan, ang mga matutuwid (sa kabutihan) ay mapapasa-Halamanan (ng Paraiso) at Sukdol na Kaligayahan,

فَٰكِهِينَ بِمَآ ءَاتَىٰهُمْ رَبُّهُمْ ۖ وَوَقَىٰهُمْ رَبُّهُمْ عَذَابَ ٱلْجَحِيمِ ﴿١٨﴾

18. Na nagtatamasa ng kasiyahan na ipinagkaloob sa kanila ng kanilang Panginoon; at (katunayan) na ang kanilang Panginoon ang nagligtas sa kanila sa kaparusahan ng Naglalagablab na Apoy.

كُلُوا۟ وَٱشْرَبُوا۟ هَنِيٓـًٔۢا بِمَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿١٩﴾

19. (At sa kanila ay ipagtuturing): "Kumain kayo at uminom ng may kasiyahan dahilan sa inyong mabubuting gawa."

مُتَّكِـِٔينَ عَلَىٰ سُرُرٍ مَّصْفُوفَةٍ ۖ وَزَوَّجْنَٰهُم بِحُورٍ عِينٍ ﴿٢٠﴾

20. Sila ay magsisihilig (ng may kaginhawahan) sa mga diban na inayos sa maraming bilang; at Aming ipapangasawa sila sa mapuputing kababaihan na may malalaki (at magagandang) mga mata.

وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَٱتَّبَعَتْهُمْ ذُرِّيَّتُهُم بِإِيمَٰنٍ أَلْحَقْنَا بِهِمْ ذُرِّيَّتَهُمْ وَمَآ أَلَتْنَٰهُم مِّنْ عَمَلِهِم مِّن شَىْءٍ ۚ كُلُّ ٱمْرِئٍۭ بِمَا كَسَبَ رَهِينٌ ﴿٢١﴾

21. At sila na sumasampalataya, na ang kanilang anak (pamilya) ay sumunod sa kanilang Pananalig, sa kanila ay Aming ipipisan ang kanilang anak (pamilya), at hindi Namin ipagkakait sa kanila (ang bunga) ng kanilang

[53] Ganap na abala sa kawalan ng pananalig at paggawa ng kasamaan sa mundong ito na siyang mga pagsubok sa sangkatauhan at nagwawalang-bahala sa walang hanggang kasasapitan [alalaong baga, kaparusahan sa Apoy ng Impiyerno].

mga gawa. Ang bawat tao (kaluluwa) ay sanla sa bagay na kanyang kinita.

22. At ipagkakaloob Namin sa kanila ang bungangkahoy at karne, sa anumang kanilang maibigan.

وَأَمْدَدْنَٰهُم بِفَٰكِهَةٍ وَلَحْمٍ مِّمَّا يَشْتَهُونَ ﴿٢٢﴾

23. Dito sila ay magpapalitan sa bawat isa ng kopita (ng alak) na walang bahid ng kahangalan at malinis sa kasalanan (sapagkat pinahihintulutan na rito ang pag-inom [ng alak]).

يَتَنَٰزَعُونَ فِيهَا كَأْسًا لَّا لَغْوٌ فِيهَا وَلَا تَأْثِيمٌ ﴿٢٣﴾

24. At sa paligid nila ay nagsisilbi (sa kanila) ang mga tagapaglingkod na kalalakihan na tila ba mga perlas na napapangalagaan (dahil sa angkin nilang kabataan at kakisigan).

۞ وَيَطُوفُ عَلَيْهِمْ غِلْمَانٌ لَّهُمْ كَأَنَّهُمْ لُؤْلُؤٌ مَّكْنُونٌ ﴿٢٤﴾

25. At ang ilan sa kanila ay lalapit sa iba na nagtatanong,

وَأَقْبَلَ بَعْضُهُمْ عَلَىٰ بَعْضٍ يَتَسَآءَلُونَ ﴿٢٥﴾

26. At nagsasabi: "Noong panahong yaon, kami ay nangangamba sa kapakanan ng aming mga kaanak at kaibigan (sa kaparusahan ni Allah).

قَالُوٓا۟ إِنَّا كُنَّا قَبْلُ فِىٓ أَهْلِنَا مُشْفِقِينَ ﴿٢٦﴾

27. Datapuwa't si Allah ay naging mapagbigay sa atin, at Kanyang iniligtas tayo sa kaparusahan ng Naglalagablab na Apoy.

فَمَنَّ ٱللَّهُ عَلَيْنَا وَوَقَىٰنَا عَذَابَ ٱلسَّمُومِ ﴿٢٧﴾

28. Katotohanang kami ay nagsisitawag (lamang) sa Kanya (at wala ng iba pa) noon pa mang una. Katotohanang Siya ang Pinakamabanayad (ang Pinakamabait, ang Pinakamapitagan, ang Pinakamapagbigay), ang Pinakamaawain!

إِنَّا كُنَّا مِن قَبْلُ نَدْعُوهُ ۖ إِنَّهُۥ هُوَ ٱلْبَرُّ ٱلرَّحِيمُ ﴿٢٨﴾

29. Kaya't pagtagubilinan at pangaralan mo (O Muhammad ang sangkatauhan tungkol sa Islam at Kaisahan ni Allah). Sa pamamagitan ng Biyaya ni Allah, ikaw ay hindi isang manghuhula, o isang inaalihan (ng demonyo).

فَذَكِّرْ فَمَآ أَنتَ بِنِعْمَتِ رَبِّكَ بِكَاهِنٍ وَلَا مَجْنُونٍ ﴿٢٩﴾

30. O sila baga ay nagsasabi: "(Si Muhammad) ay isang makata! Kami ay naghihintay para sa kanya ng mga kapinsalaan (sa tangkay) ng panahon!"

أَمْ يَقُولُونَ شَاعِرٌ نَّتَرَبَّصُ بِهِۦ رَيْبَ ٱلْمَنُونِ ﴿٣٠﴾

31. Ipagbadya mo (O Muhammad) sa kanila: "Magsipaghintay kayo! Ako rin ay naghihintay na kasabay ninyo!"

قُلْ تَرَبَّصُوا۟ فَإِنِّى مَعَكُم مِّنَ ٱلْمُتَرَبِّصِينَ ﴿٣١﴾

32. Ang kanila bagang isipan ay nag-uutos ng ganito (alalaong baga, na sila ay magsabi ng

أَمْ تَأْمُرُهُمْ أَحْلَٰمُهُم بِهَٰذَآ ۚ أَمْ هُمْ قَوْمٌ

kasinungalingan laban sa iyo [O Muhammad]), o sila baga ay mga tao na lumagpas sa lahat ng hangganan (ng pagsuway)?

طَاغُونَ ﴿٣٢﴾

33. O sila baga ay nagsasabi: "Siya (Muhammad) ay nanghuwad nito (ang Qur'an)." Sila ay hindi nananalig!

أَمْ يَقُولُونَ تَقَوَّلَهُۥ ۚ بَل لَّا يُؤْمِنُونَ ﴿٣٣﴾

34. Hayaan sila na gumawa ng pagdalit (pagbigkas) na katulad nito (Al Qur'an), kung sila ay nagsasabi ng katotohanan!

فَلْيَأْتُوا۟ بِحَدِيثٍ مِّثْلِهِۦٓ إِن كَانُوا۟ صَٰدِقِينَ ﴿٣٤﴾

35. Sila baga'y nilikha mula sa wala? O sila baga sa kanilang sarili ang manlilikha?

أَمْ خُلِقُوا۟ مِنْ غَيْرِ شَىْءٍ أَمْ هُمُ ٱلْخَٰلِقُونَ ﴿٣٥﴾

36. O sila baga ang lumikha ng kalangitan at kalupaan? Hindi, sila ay walang matatag na pananalig.

أَمْ خَلَقُوا۟ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ ۚ بَل لَّا يُوقِنُونَ ﴿٣٦﴾

37. O nasa kanila ba ang mga Kayamanan (Panustos) ng iyong Panginoon? O sila ba ang mga tagapamahala (tagapagpasunod [nila])?

أَمْ عِندَهُمْ خَزَآئِنُ رَبِّكَ أَمْ هُمُ ٱلْمُصَيْطِرُونَ ﴿٣٧﴾

38. O mayroon ba silang hagdanan na sa pamamagitan nito (ay makapapanhik sila sa kalangitan) upang mapakinggan (ang pag-uusap ng mga anghel)? Kung gayon, hayaaan ang kanilang tagapakinig ay magpakita nang lantad na katibayan.

أَمْ لَهُمْ سُلَّمٌ يَسْتَمِعُونَ فِيهِ ۖ فَلْيَأْتِ مُسْتَمِعُهُم بِسُلْطَٰنٍ مُّبِينٍ ﴿٣٨﴾

39. O Siya (Allah) ba ay mayroon lamang mga anak (na babae), at kayo ay mayroon mga anak (na lalaki)?

أَمْ لَهُ ٱلْبَنَٰتُ وَلَكُمُ ٱلْبَنُونَ ﴿٣٩﴾

40. O ikaw ba (O Muhammad) ay nanghihingi ng gantimpala mula sa kanila (sa pangangaral ng Kaisahan ni Allah at Islam), upang sila ay mabigatan sa pasanin ng pagkakautang?

أَمْ تَسْـَٔلُهُمْ أَجْرًا فَهُم مِّن مَّغْرَمٍ مُّثْقَلُونَ ﴿٤٠﴾

41. O ang kapamahalaan ba ng mga nalilingid ay nasa kanilang kamay at isinusulat nila ito?

أَمْ عِندَهُمُ ٱلْغَيْبُ فَهُمْ يَكْتُبُونَ ﴿٤١﴾

42. O sila ba ay nagbabalak ng pakana (laban sa iyo, O Muhammad)? Subalit sila na hindi sumasampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam), sila sa kanilang sarili ang makukupot sa ganitong pakana.

أَمْ يُرِيدُونَ كَيْدًا ۖ فَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ هُمُ ٱلْمَكِيدُونَ ﴿٤٢﴾

43. O sila ba ay may iba pang diyos bukod pa kay Allah? Higit na Maluwalhati si Allah sa lahat ng mga bagay na iniaakibat nila bilang katambal (sa Kanya)!

أَمْ لَهُمْ إِلَٰهٌ غَيْرُ ٱللَّهِ ۚ سُبْحَٰنَ ٱللَّهِ عَمَّا يُشْرِكُونَ ﴿٤٣﴾

44. At kung sila ay makakita ng piraso ng kalangitan na nahuhulog, sila ay magsasabi: "Mga bunton lamang ng ulap na natipon!"

وَإِن يَرَوْا كِسْفًا مِّنَ ٱلسَّمَآءِ سَاقِطًا يَقُولُوا۟ سَحَابٌ مَّرْكُومٌ ﴿٤٤﴾

45. Kaya't hayaan silang mag-isa hanggang sa kanilang makaharap ang Araw na sila ay manggigipuspos (na may pagkalagim).

فَذَرْهُمْ حَتَّىٰ يُلَٰقُوا۟ يَوْمَهُمُ ٱلَّذِى فِيهِ يُصْعَقُونَ ﴿٤٥﴾

46. Sa Araw na ang kanilang pakana ay walang kabutihang maidudulot sa kanila kahit na anuman, gayundin, sila ay hindi matutulungan (alalaong baga, kanilang tatanggapin ang kanilang kaparusahan sa Impiyerno).

يَوْمَ لَا يُغْنِى عَنْهُمْ كَيْدُهُمْ شَيْـًٔا وَلَا هُمْ يُنصَرُونَ ﴿٤٦﴾

47. At katotohanang sa mga gumagawa ng kamalian ay mayroon pang ibang kaparusahan (alalaong baga, ang kaparusahan sa mundong ito at sa kanilang libingan), bago pa rito, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay walang kaalaman.

وَإِنَّ لِلَّذِينَ ظَلَمُوا۟ عَذَابًا دُونَ ذَٰلِكَ وَلَٰكِنَّ أَكْثَرَهُمْ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٤٧﴾

48. Kaya't ikaw (O Muhammad) ay maghintay ng may pagtitiyaga sa Pasya ng iyong Panginoon sapagkat katotohanang ikaw ay nasa pangangalaga ng Aming mga Mata, at ipagbunyi mo ang mga papuri ng iyong Panginoon kung ikaw ay magbangon mula sa pagkakatulog,

وَٱصْبِرْ لِحُكْمِ رَبِّكَ فَإِنَّكَ بِأَعْيُنِنَا ۖ وَسَبِّحْ بِحَمْدِ رَبِّكَ حِينَ تَقُومُ ﴿٤٨﴾

49. At sa bahagi ng gabi ay ipagbunyi mo ang mga papuri sa Kanya at sa (oras) nang paglubog ng mga bituin!

وَمِنَ ٱلَّيْلِ فَسَبِّحْهُ وَإِدْبَٰرَ ٱلنُّجُومِ ﴿٤٩﴾



Surah 53

Surat An-Najim
(Ang Bituin)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Bituin kung ito ay lumulubog (o naglalaho),

وَٱلنَّجْمِ إِذَا هَوَىٰ ﴿١﴾

2. Ang inyong kasama (Muhammad) ay hindi naligaw ng landas, gayundin ay hindi nagkamali.

مَا ضَلَّ صَاحِبُكُمْ وَمَا غَوَىٰ ﴿٢﴾

3. At hindi rin siya nagsasabi ng sarili niyang pagnanasa (tungkol sa Relihiyon).

وَمَا يَنطِقُ عَنِ ٱلْهَوَىٰٓ ﴿٣﴾

4. Ito ay isa lamang Inspirasyon (Kapahayagan) na ipinahayag sa kanya;

إِنْ هُوَ إِلَّا وَحْىٌ يُوحَىٰ ﴿٤﴾

5. Siya ay tinuruan (ng Qur'an) ni (Gabriel) na mataas sa kapangyarihan (alalaong baga, may matinding lakas na kaloob ni Allah),

عَلَّمَهُۥ شَدِيدُ ٱلْقُوَىٰ ﴿٥﴾

6. May kapangyarihan, at magandang anyo (alalaong baga, si Gabriel ay tumambad kay Propeta Muhammad sa kanyang anghel na kaanyuan),

ذُو مِرَّةٍ فَٱسْتَوَىٰ ﴿٦﴾

7. Habang siya (Muhammad) ay nasa pinakamataas na bahagi ng santinakpan (kawalang-hanggan);

وَهُوَ بِٱلْأُفُقِ ٱلْأَعْلَىٰ ﴿٧﴾

8. At siya (Gabriel) ay dumating at lumapit,

ثُمَّ دَنَا فَتَدَلَّىٰ ﴿٨﴾

9. Na ang layo lamang ay (tulad) ng pagitan ng dalawang binit ng pana (o higit pang malapit);

فَكَانَ قَابَ قَوْسَيْنِ أَوْ أَدْنَىٰ ﴿٩﴾

10. Kaya't (si Allah) ay nagparating ng kapahayagan sa Kanyang Alipin (na si Muhammad sa pamamagitan ni Gabriel).

فَأَوْحَىٰٓ إِلَىٰ عَبْدِهِۦ مَآ أَوْحَىٰ ﴿١٠﴾

11. At ang puso (at isipan) ng (Propeta) ay hindi kailanman nagpasinungaling sa kanyang nakita.

مَا كَذَبَ ٱلْفُؤَادُ مَا رَأَىٰٓ ﴿١١﴾

12. Kayo baga ay makikipagtalo sa kanya (Muhammad) hinggil sa kanyang nakita (sa sandali ng *Mi'raj*, ang pagpanhik ng Propeta sa ibabaw ng pitong kalangitan)?

أَفَتُمَٰرُونَهُۥ عَلَىٰ مَا يَرَىٰ ﴿١٢﴾

وَلَقَدْ رَءَاهُ نَزْلَةً أُخْرَىٰ ﴿١٣﴾

13. Katotohanang kanyang (Muhammad) nakita siya (Gabriel) sa pangalawang pagkakataon,

عِندَ سِدْرَةِ ٱلْمُنتَهَىٰ ﴿١٤﴾

14. Sa *Sidrat-ul-Muntaha* (isang punongkahoy ng lote sa walang hanggang kapaligiran sa ikapitong palapag ng kalangitan),

عِندَهَا جَنَّةُ ٱلْمَأْوَىٰٓ ﴿١٥﴾

15. Na sa tabi nito ay Tirahan ng Halamanan (Paraiso).

إِذْ يَغْشَى ٱلسِّدْرَةَ مَا يَغْشَىٰ ﴿١٦﴾

16. Pagmasdan, ang punong Lote ay nalalambungan ng ano (bagang) mga lambong!

مَا زَاغَ ٱلْبَصَرُ وَمَا طَغَىٰ ﴿١٧﴾

17. Ang paningin (ni Propeta Muhammad) ay hindi lumihis (sa kanan o sa kaliwa), at hindi rin lumagpas sa hangganan (na itinagubilin sa kanya)!

لَقَدْ رَأَىٰ مِنْ ءَايَٰتِ رَبِّهِ ٱلْكُبْرَىٰٓ ﴿١٨﴾

18. At katotohanan na kanyang (Muhammad) namasdan ang mga Dakilang Tanda ng kanyang Panginoon (Allah).

أَفَرَءَيْتُمُ ٱللَّٰتَ وَٱلْعُزَّىٰ ﴿١٩﴾

19. Nakita na ba ninyo ang Lat at ang Uzza (dalawang diyus-diyosan ng mga paganong Arabo),

وَمَنَوٰةَ ٱلثَّالِثَةَ ٱلْأُخْرَىٰٓ ﴿٢٠﴾

20. At ang Manat (ang iba pang diyus-diyosan ng mga paganong Arabo), ang pangatlo?

أَلَكُمُ ٱلذَّكَرُ وَلَهُ ٱلْأُنثَىٰ ﴿٢١﴾

21. Ano! Sa inyo ba ang mga lalaki at sa Kanya ang mga babae?

تِلْكَ إِذًا قِسْمَةٌ ضِيزَىٰٓ ﴿٢٢﴾

22. Katiyakang ito ay hindi makatarungan na pagbabaha-bahagi!

إِنْ هِىَ إِلَّآ أَسْمَآءٌ سَمَّيْتُمُوهَآ أَنتُمْ وَءَابَآؤُكُم مَّآ أَنزَلَ ٱللَّهُ بِهَا مِن سُلْطَٰنٍ ۚ إِن يَتَّبِعُونَ إِلَّا ٱلظَّنَّ وَمَا تَهْوَى ٱلْأَنفُسُ ۖ وَلَقَدْ جَآءَهُم مِّن رَّبِّهِمُ ٱلْهُدَىٰٓ ﴿٢٣﴾

23. Ito ay wala ng iba kung hindi mga pangalan lamang na inyong ipinangalan, - kayo at ng inyong mga ninuno, - na rito ay hindi nagpapanaog si Allah ng anumang kapamahalaan. Sila ay walang sinusunod maliban lamang sa haka-haka at sa ninanais ng kanilang sarili (kaluluwa), kahit na katiyakang dumatal sa kanila ang Patnubay mula sa kanilang Panginoon!

أَمْ لِلْإِنسَٰنِ مَا تَمَنَّىٰ ﴿٢٤﴾

24. O ang tao kaya ay magtatamo kung ano ang kanyang ninanais?

فَلِلَّهِ ٱلْءَاخِرَةُ وَٱلْأُولَىٰ ﴿٢٥﴾

25. Datapuwa't si Allah ang nagmamay-ari ng huli (ang Kabilang Buhay) at una (Unang Buhay sa mundong ito).

۞ وَكَم مِّن مَّلَكٍ فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ لَا تُغْنِى

26. At maraming anghel sa kalangitan na ang

(kanilang) pamamagitan (kay Allah at sa mga tao) ay walang matatamo malibang pahintulutan ni Allah sa sinumang Kanyang maibigan at kinalulugdan.

شَفَٰعَتُهُمْ شَيْـًٔا إِلَّا مِنۢ بَعْدِ أَن يَأْذَنَ ٱللَّهُ لِمَن يَشَآءُ وَيَرْضَىٰٓ ﴿٢٦﴾

27. Katotohanang sila na hindi sumasampalataya sa Kabilang Buhay ay nagbigay-pangalan sa mga anghel ng mga pangalang babae,

إِنَّ ٱلَّذِينَ لَا يُؤْمِنُونَ بِٱلْـَٔاخِرَةِ لَيُسَمُّونَ ٱلْمَلَٰٓئِكَةَ تَسْمِيَةَ ٱلْأُنثَىٰ ﴿٢٧﴾

28. Samantalang sila ay walang kaalaman dito. Sila ay sumusunod lamang sa wala maliban sa haka-haka, at tunay ngang ang haka-haka ay hindi makapananaig sa Katotohanan.

وَمَا لَهُم بِهِۦ مِنْ عِلْمٍ ۖ إِن يَتَّبِعُونَ إِلَّا ٱلظَّنَّ ۖ وَإِنَّ ٱلظَّنَّ لَا يُغْنِى مِنَ ٱلْحَقِّ شَيْـًٔا ﴿٢٨﴾

29. Kaya't iyong talikdan (O Muhammad) siya na tumatalikod sa Aming Paala-ala (ang Qur'an), at walang ibang hinahangad maliban sa buhay sa mundong ito.

فَأَعْرِضْ عَن مَّن تَوَلَّىٰ عَن ذِكْرِنَا وَلَمْ يُرِدْ إِلَّا ٱلْحَيَوٰةَ ٱلدُّنْيَا ﴿٢٩﴾

30. Ito lamang ang hangganan ng kanilang karunungan. Katotohanan, ang iyong Panginoon ang tunay na nakakaalam sa kanya na naliligaw sa Kanyang Landas, at ganap Niyang talastas siya na tumatanggap ng patnubay.

ذَٰلِكَ مَبْلَغُهُم مِّنَ ٱلْعِلْمِ ۚ إِنَّ رَبَّكَ هُوَ أَعْلَمُ بِمَن ضَلَّ عَن سَبِيلِهِۦ وَهُوَ أَعْلَمُ بِمَنِ ٱهْتَدَىٰ ﴿٣٠﴾

31. Tunay ngang si Allah ang nag-aangkin ng lahat ng nasa kalangitan at nasa kalupaan, upang Kanyang mabayaran sila na gumagawa ng kasamaan ng ayon sa kanilang ginawa (alalaong baga, ang parusahan sila sa Impiyerno), at magantimpalaan Niya ang mga gumagawa ng kabutihan sa pinakamainam (alalaong baga, sa Paraiso).

وَلِلَّهِ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ لِيَجْزِىَ ٱلَّذِينَ أَسَـٰٓـُٔوا۟ بِمَا عَمِلُوا۟ وَيَجْزِىَ ٱلَّذِينَ أَحْسَنُوا۟ بِٱلْحُسْنَى ﴿٣١﴾

32. Sila na umiiwas sa mabibigat at karumaldumal na kasalanan (bawal na pakikipagtalik, gawaing malalaswa), maliban sa maliliit na pagkakamali, katotohanang ang inyong Panginoon ay Tigib ng Pagpapatawad. Kayo ay ganap Niyang talastas nang kayo ay Kanyang nilikha sa kalupaan, at nang kayo ay nakatago pa sa sinapupunan ng inyong ina. Kaya't huwag ninyong pananganan ang inyong sarili na dalisay. Ganap Niyang batid siya na may pangangamba kay Allah (at nagpapanatili ng kanyang tungkulin sa Kanya).

ٱلَّذِينَ يَجْتَنِبُونَ كَبَـٰٓئِرَ ٱلْإِثْمِ وَٱلْفَوَٰحِشَ إِلَّا ٱللَّمَمَ ۚ إِنَّ رَبَّكَ وَٰسِعُ ٱلْمَغْفِرَةِ ۚ هُوَ أَعْلَمُ بِكُمْ إِذْ أَنشَأَكُم مِّنَ ٱلْأَرْضِ وَإِذْ أَنتُمْ أَجِنَّةٌ فِى بُطُونِ أُمَّهَـٰتِكُمْ ۖ فَلَا تُزَكُّوٓا۟ أَنفُسَكُمْ ۖ هُوَ أَعْلَمُ بِمَنِ ٱتَّقَىٰٓ ﴿٣٢﴾

33. Napagmamasdan mo ba (O Muhammad) siya na tumatalikod (sa Islam)?

أَفَرَءَيْتَ ٱلَّذِى تَوَلَّىٰ ﴿٣٣﴾

34. Na nagbibigay ng karampot, at pagkatapos ay huminto (sa pagbibigay)?

وَأَعْطَىٰ قَلِيلًا وَأَكْدَىٰٓ ﴿٣٤﴾

35. Ano! Mayroon ba siyang kaalaman ng mga nalilingid upang kanyang mamalas?

أَعِندَهُۥ عِلْمُ ٱلْغَيْبِ فَهُوَ يَرَىٰٓ ﴿٣٥﴾

36. Hindi ba niya batid kung ano ang nasa Kasulatan ni Moises,

أَمْ لَمْ يُنَبَّأْ بِمَا فِى صُحُفِ مُوسَىٰ ﴿٣٦﴾

37. At ni Abraham na tumupad (at nagparating nang lahat ng mga ipinag-utos ni Allah sa kanya),

وَإِبْرَٰهِيمَ ٱلَّذِى وَفَّىٰٓ ﴿٣٧﴾

38. Na nagtatagubilin na walang sinuman na nagdadala ng pasanin (ng kanyang kasalanan) ang maaaring magdala ng pasanin (kasalanan) ng iba,

أَلَّا تَزِرُ وَازِرَةٌ وِزْرَ أُخْرَىٰ ﴿٣٨﴾

39. Na ang tao ay walang mapapakinabang maliban lamang sa kanyang pinagsusumikapan (na mabuti o masama);

وَأَن لَّيْسَ لِلْإِنسَٰنِ إِلَّا مَا سَعَىٰ ﴿٣٩﴾

40. At ang (bunga) ng kanyang pagsisikap (mga gawa) ay malalantad,

وَأَنَّ سَعْيَهُۥ سَوْفَ يُرَىٰ ﴿٤٠﴾

41. Kaya't siya ay gagantihan nang ganap sa pinakamainam na kabayaran,

ثُمَّ يُجْزَىٰهُ ٱلْجَزَآءَ ٱلْأَوْفَىٰ ﴿٤١﴾

42. At sa iyong Panginoon (Allah) ang Huling Hantungan (ang pagbabalik ng lahat).

وَأَنَّ إِلَىٰ رَبِّكَ ٱلْمُنتَهَىٰ ﴿٤٢﴾

43. At Siya (Allah) ang nagkakaloob (sa sinumang Kanyang maibigan) ng halakhak at nagkakaloob (sa sinumang Kanyang maibigan) ng luha;

وَأَنَّهُۥ هُوَ أَضْحَكَ وَأَبْكَىٰ ﴿٤٣﴾

44. At Siya (Allah) ang nagpapapangyari (naggagawad) ng kamatayan at buhay;

وَأَنَّهُۥ هُوَ أَمَاتَ وَأَحْيَا ﴿٤٤﴾

45. At Siya (Allah) ang lumilikha ng pares, - lalaki at babae,

وَأَنَّهُۥ خَلَقَ ٱلزَّوْجَيْنِ ٱلذَّكَرَ وَٱلْأُنثَىٰ ﴿٤٥﴾

46. Mula sa *Nutfah* (mga patak ng semilya ng lalaki at babae) na inilagay (sa sinapupunan);

مِن نُّطْفَةٍ إِذَا تُمْنَىٰ ﴿٤٦﴾

47. At ipinangako Niya (Allah) ang muling paglikha (ang pagkabuhay ng patay sa Araw ng Pagbangon);

وَأَنَّ عَلَيْهِ ٱلنَّشْأَةَ ٱلْأُخْرَىٰ ﴿٤٧﴾

48. At Siya (Allah) ang nagbibigay ng sagana o karampot (na kayamanan at kasiyahan);

وَأَنَّهُۥ هُوَ أَغْنَىٰ وَأَقْنَىٰ ﴿٤٨﴾

49. At Siya (Allah) ang Panginoon ng Sirius (ang malaking bituin na sinasamba ng mga paganong Arabo);

وَأَنَّهُۥ هُوَ رَبُّ ٱلشِّعْرَىٰ ﴿٤٩﴾

50. At Siya (Allah) ang nagwasak sa pamayanan ng A'ad ng panahong sinauna,

وَأَنَّهُۥٓ أَهْلَكَ عَادًا ٱلْأُولَىٰ ﴿٥٠﴾

وَثَمُودَا۟ فَمَآ أَبْقَىٰ ﴿٥١﴾

51. At (pamayanan) ng Thamud, at nilipol Niya ang kanilang lahi,

وَقَوْمَ نُوحٍ مِّن قَبْلُ ۖ إِنَّهُمْ كَانُوا۟ هُمْ أَظْلَمَ وَأَطْغَىٰ ﴿٥٢﴾

52. At pamayanan ni Noah noong panahong sinauna, sapagkat katotohanang sila ay hindi makatarungan at mapaghimagsik (kay Allah at sa Kanyang Sugong si Noah),

وَٱلْمُؤْتَفِكَةَ أَهْوَىٰ ﴿٥٣﴾

53. At Kanyang winasak ang isinumpang lungsod (ng Sodom na pinagsuguan kay Lut),

فَغَشَّىٰهَا مَا غَشَّىٰ ﴿٥٤﴾

54. At (Kanyang) tinabunan ito ng panabon (alalaong baga, ng kaparusahan ng pinaulan na bato).

فَبِأَىِّ ءَالَآءِ رَبِّكَ تَتَمَارَىٰ ﴿٥٥﴾

55. Kaya't alin sa mga biyaya ng iyong Panginoon (O Tao!) ang iyong pag-aalinlanganan?

هَٰذَا نَذِيرٌ مِّنَ ٱلنُّذُرِ ٱلْأُولَىٰٓ ﴿٥٦﴾

56. Siya (Muhammad) ay isang Tagapagbabala (Sugo) sa mga kawing ng mga tagapagbabala (mga Sugo) noon pang panahong lumipas!

أَزِفَتِ ٱلْآزِفَةُ ﴿٥٧﴾

57. Ang (sandali) ng Araw ng Muling Pagkabuhay ay papalapit na,

لَيْسَ لَهَا مِن دُونِ ٱللَّهِ كَاشِفَةٌ ﴿٥٨﴾

58. Wala ng iba pa maliban kay Allah ang makahahadlang dito (o makapagpapauna rito o makakaantala rito).

أَفَمِنْ هَٰذَا ٱلْحَدِيثِ تَعْجَبُونَ ﴿٥٩﴾

59. Kayo baga ay nagsisipamangha sa ganitong pagdalit (ng Qur'an)?

وَتَضْحَكُونَ وَلَا تَبْكُونَ ﴿٦٠﴾

60. At kayo ay tumatawa rito at hindi nananangis,

وَأَنتُمْ سَٰمِدُونَ ﴿٦١﴾

61. Na nag-aaksaya ng inyong (mahalagang) buhay sa (makalupang) paglilibang at mga kasayahan (tulad ng pagkanta at pagsayaw).

فَٱسْجُدُوا۟ لِلَّهِ وَٱعْبُدُوا۟ ۩ ﴿٦٢﴾

62. At kayo ay magpatirapa kay Allah at sambahin lamang Siya.



Surah 54

Surat Al-Qamar
(Ang Buwan)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ang Oras (ng Paghuhukom) ay papalapit na, at ang buwan ay nagbitak sa pagkakalansag (ang mga tao sa Makkah ay humiling kay Propeta Muhammad na magpamalas siya ng Himala, kaya't ipinakita niya sa kanila ang pagkabiyak ng buwan).

ٱقْتَرَبَتِ ٱلسَّاعَةُ وَٱنشَقَّ ٱلْقَمَرُ ﴿١﴾

2. Datapuwa't kung sila ay nakakamalas ng isang Tanda, sila ay tumatalikod at nagsasabi: "Ito ay walang humpay na salamangka!"

وَإِن يَرَوْا۟ ءَايَةً يُعْرِضُوا۟ وَيَقُولُوا۟ سِحْرٌ مُّسْتَمِرٌّ ﴿٢﴾

3. Itinakwil nila (ang Babala, ang Qur'an) at sinunod nila ang kanilang sariling pagnanasa, datapuwa't ang lahat ng bagay ay mayroon ng kanyang takdang oras (ayon sa uri ng kanyang mga gawa, para sa mga gumagawa ng kabutihan, ang kanyang gawa ay maghahatid sa kanya sa Paraiso at gayundin naman, ang masamang gawa ay maghahantong sa kanya sa Impiyerno).

وَكَذَّبُوا۟ وَٱتَّبَعُوٓا۟ أَهْوَآءَهُمْ ۚ وَكُلُّ أَمْرٍ مُّسْتَقِرٌّ ﴿٣﴾

4. At katotohanan na mayroong dumatal sa kanila na (magandang) Balita (ang Qur'an), na rito ay may (sapat na Babala) upang mapaalalahanan sila (sa kasamaan),

وَلَقَدْ جَآءَهُم مِّنَ ٱلْأَنۢبَآءِ مَا فِيهِ مُزْدَجَرٌ ﴿٤﴾

5. Na sagana sa Karunungan (ang Qur'an), datapuwa't (ang pangaral) ng mga tagapagbabala ay hindi nagbigay sa kanila ng kapakinabangan.

حِكْمَةٌۢ بَٰلِغَةٌ ۖ فَمَا تُغْنِ ٱلنُّذُرُ ﴿٥﴾

6. Kaya't sila ay layuan mo (O Muhammad). Sa Araw na ang Tagatawag ay tatawag (sa kanila) sa isang kasindak-sindak na bagay,

فَتَوَلَّ عَنْهُمْ ۘ يَوْمَ يَدْعُ ٱلدَّاعِ إِلَىٰ شَىْءٍ نُّكُرٍ ﴿٦﴾

7. Sila ay magsisilabas at tatambad mula sa kanilang libingan na ang kanilang mga mata ay

خُشَّعًا أَبْصَٰرُهُمْ يَخْرُجُونَ مِنَ ٱلْأَجْدَاثِ كَأَنَّهُمْ

nakatungo (sa ibaba) at (namamanhid) na katulad ng mga balang (tipaklong) na nagsisipangalat,

جَرَادٌ مُّنتَشِرٌ ﴿٧﴾

8. Na nagmamadali (na ang mga mata ay nakamulagat) patungo sa Tagatawag! Ang mga hindi sumasampalataya ay magsasabi: "Napakahirap ng Araw na ito!"

مُّهْطِعِينَ إِلَى ٱلدَّاعِ ۖ يَقُولُ ٱلْكَٰفِرُونَ هَٰذَا يَوْمٌ عَسِرٌ ﴿٨﴾

9. Noong panahong sinauna, ang pamayanan ni Noah ay nagtakwil (sa kanilang Sugo) at nagtatwa sa Aming alipin at nagsabi: "Narito ang isang inaalihan ng demonyo!" At siya ay walang pakundangan nilang sinalansang at itinaboy.

۞ كَذَّبَتْ قَبْلَهُمْ قَوْمُ نُوحٍ فَكَذَّبُوا۟ عَبْدَنَا وَقَالُوا۟ مَجْنُونٌ وَٱزْدُجِرَ ﴿٩﴾

10. Kaya't nanikluhod siya sa kanyang Panginoon (na nagsasabi): "Ako ay kanilang napapangibabawan, kaya't ako ay tulungan (Ninyo)!"

فَدَعَا رَبَّهُۥٓ أَنِّى مَغْلُوبٌ فَٱنتَصِرْ ﴿١٠﴾

11. Kaya't Aming ibinukas ang mga Tarangkahan ng Kalangitan na may mga tubig na bumubuhos.

فَفَتَحْنَآ أَبْوَٰبَ ٱلسَّمَآءِ بِمَآءٍ مُّنْهَمِرٍ ﴿١١﴾

12. At Aming hinayaan ang kalupaan na madaluyan ng mga batis, upang ang mga tubig (ng kalangitan at kalupaan) ay magpanagpo (at tumaas) tungo sa bagay na napagpasyahan na (Namin).

وَفَجَّرْنَا ٱلْأَرْضَ عُيُونًا فَٱلْتَقَى ٱلْمَآءُ عَلَىٰٓ أَمْرٍ قَدْ قُدِرَ ﴿١٢﴾

13. At Aming isinakay sila sa isang (Arko o Barko) na gawa sa makapal na mga tablang kahoy at mga pako,

وَحَمَلْنَٰهُ عَلَىٰ ذَاتِ أَلْوَٰحٍ وَدُسُرٍ ﴿١٣﴾

14. Na naglalayag (sa ibabaw ng tubig) sa ilalim ng Aming Pagsubaybay (mga Mata), bilang isang gantimpala sa kanya (Noah) na (kanilang) itinakwil!

تَجْرِى بِأَعْيُنِنَا جَزَآءً لِّمَن كَانَ كُفِرَ ﴿١٤﴾

15. At katotohanan na iniwan Namin ito (sa kalupaan) bilang isang Tanda; kung gayon, mayroon kayang sinuman ang makakaala-ala (o tatanggap ng tagubilin)?

وَلَقَد تَّرَكْنَٰهَآ ءَايَةً فَهَلْ مِن مُّدَّكِرٍ ﴿١٥﴾

16. (Pagmasdan) kung gaano (kalagim-lagim) ang Aking Kaparusahan at Aking mga Babala?

فَكَيْفَ كَانَ عَذَابِى وَنُذُرِ ﴿١٦﴾

17. At katotohanang Aming ginawa ang Qur'an na madaling maunawaan at maala-ala, kaya't mayroon bang sinuman ang makakaala-ala (o tatanggap ng tagubilin)?

وَلَقَدْ يَسَّرْنَا ٱلْقُرْءَانَ لِلذِّكْرِ فَهَلْ مِن مُّدَّكِرٍ ﴿١٧﴾

كَذَّبَتْ عَادٌ فَكَيْفَ كَانَ عَذَابِي وَنُذُرِ ﴿١٨﴾

18. Ang pamayanan ng A'ad ay nagpabulaan (sa katotohanan ng kanilang Propetang si Hud), kaya't pagmasdan kung gaano kalagim-lagim ang Aking Kaparusahan at Aking mga Babala?

إِنَّا أَرْسَلْنَا عَلَيْهِمْ رِيحًا صَرْصَرًا فِي يَوْمِ نَحْسٍ مُّسْتَمِرٍّ ﴿١٩﴾

19. Katotohanang Aming ipinadala sa kanila ang umuugong (na hagupit) ng Hangin, sa Araw ng kasindak-sindak na kasamaan at patuloy na kapinsalaan,

تَنزِعُ النَّاسَ كَأَنَّهُمْ أَعْجَازُ نَخْلٍ مُّنقَعِرٍ ﴿٢٠﴾

20. Na bumubunot sa mga tao, na wari bang sila ay mga ugat ng punong palmera na hinuhugot (mula sa lupa).

فَكَيْفَ كَانَ عَذَابِي وَنُذُرِ ﴿٢١﴾

21. (Kaya't pagmasdan), kung gaano (kalagim-lagim) ang Aking Kaparusahan at Aking mga Babala?

وَلَقَدْ يَسَّرْنَا الْقُرْآنَ لِلذِّكْرِ فَهَلْ مِن مُّدَّكِرٍ ﴿٢٢﴾

22. At katotohanang ginawa Namin ang Qur'an na madaling maunawaan at maala-ala; kung gayon, mayroon bang sinuman ang makakaala-ala (o tatanggap ng tagubilin)?

كَذَّبَتْ ثَمُودُ بِالنُّذُرِ ﴿٢٣﴾

23. (At gayundin naman), ang pamayanan ng Thamud ay nagpabulaan din sa mga Babala.

فَقَالُوا أَبَشَرًا مِّنَّا وَاحِدًا نَّتَّبِعُهُ إِنَّا إِذًا لَّفِي ضَلَالٍ وَسُعُرٍ ﴿٢٤﴾

24. Sila ay nagsasabi: "Ano! Isang tao lamang mula sa ating lipon! Susundin ba namin ang katulad niya? Katotohanan, ang aming kaisipan ay mapapaligaw at kami ay nababaliw!"

أَءُلْقِيَ الذِّكْرُ عَلَيْهِ مِن بَيْنِنَا بَلْ هُوَ كَذَّابٌ أَشِرٌ ﴿٢٥﴾

25. Ang Tagubilin ba ay tanging ibinigay lamang sa kanya (sa dinami-dami namin)? Tunay nga, siya ay isang bastos na sinungaling!

سَيَعْلَمُونَ غَدًا مَّنِ الْكَذَّابُ الْأَشِرُ ﴿٢٦﴾

26. Ah! Mapag-aalaman nila sa kinabukasan, kung sino ang bastos na sinungaling!

إِنَّا مُرْسِلُوا النَّاقَةِ فِتْنَةً لَّهُمْ فَارْتَقِبْهُمْ وَاصْطَبِرْ ﴿٢٧﴾

27. Sapagkat katotohanang ipadadala Namin sa kanila ang babaeng kamelyo bilang isang pagsubok sa kanila. Kaya't pagmasdan mo sila (O Salih) at maging matiyaga ka!

وَنَبِّئْهُمْ أَنَّ الْمَاءَ قِسْمَةٌ بَيْنَهُمْ كُلُّ شِرْبٍ مُّحْتَضَرٌ ﴿٢٨﴾

28. At ipaalam mo sa kanila na ang tubig ay hahatiin sa pagitan nila (tribu ng Thamud) at (babaeng kamelyo). Ang bawat (araw) ng pag-inom ay gagawin (nang salisihan).

فَنَادَوْا صَاحِبَهُمْ فَتَعَاطَىٰ فَعَقَرَ ﴿٢٩﴾

29. Datapuwa't tinawag nila ang kanilang kasamahan at bumunot siya ng (isang espada) at inulos siya (babaeng kamelyo).

فَكَيْفَ كَانَ عَذَابِي وَنُذُرِ ﴿٣٠﴾

30. Ah! Kung gayon, gaano (kalagim-lagim) ang Aking Kaparusahan at Aking mga Babala?

إِنَّآ أَرۡسَلۡنَا عَلَيۡهِمۡ صَيۡحَةٗ وَٰحِدَةٗ فَكَانُواْ كَهَشِيمِ ٱلۡمُحۡتَظِرِ ٣١

31. Katotohanang ipinadala Namin sa kanila ang isang Tili (alalaong baga, isang pagsabog mula sa kalangitan [alapaap]), at sila ay naging katulad ng mga tatal ng tuyong sanga na (ginagawang) kulungan (ng hayop).

وَلَقَدۡ يَسَّرۡنَا ٱلۡقُرۡءَانَ لِلذِّكۡرِ فَهَلۡ مِن مُّدَّكِرٖ ٣٢

32. At katotohanang Aming ginawa ang Qur'an na madaling maunawaan at maala-ala. Kaya't mayroon bang sinuman ang makakaala-ala (o tatanggap ng tagubilin)?

كَذَّبَتۡ قَوۡمُ لُوطِۭ بِٱلنُّذُرِ ٣٣

33. Ang pamayanan ni Lut ay nagpabulaan sa mga Babala,

إِنَّآ أَرۡسَلۡنَا عَلَيۡهِمۡ حَاصِبًا إِلَّآ ءَالَ لُوطٖۖ نَّجَّيۡنَٰهُم بِسَحَرٖ ٣٤

34. Pagmasdan! Katotohanang ipinadala Namin sa kanila ang Unos ng (umuulang) bato (na nagwasak sa kanilang lahat), maliban sa pamilya ni Lut, na Aming iniligtas sa pagdatal ng bukang-liwayway,

نِّعۡمَةٗ مِّنۡ عِندِنَاۚ كَذَٰلِكَ نَجۡزِي مَن شَكَرَ ٣٥

35. Bilang isang Biyaya mula sa Amin; sa gayon Namin ginagantimpalaan ang mga nagbibigay sa Amin ng pasasalamat (sa pamamagitan ng pagsunod sa Amin).

وَلَقَدۡ أَنذَرَهُم بَطۡشَتَنَا فَتَمَارَوۡاْ بِٱلنُّذُرِ ٣٦

36. At katotohanang (si Lut) ay nagbabala sa kanila ng Aming Pagsukol (kaparusahan), datapuwa't sila ay nag-aalinlangan sa mga Babala!

وَلَقَدۡ رَٰوَدُوهُ عَن ضَيۡفِهِۦ فَطَمَسۡنَآ أَعۡيُنَهُمۡ فَذُوقُواْ عَذَابِي وَنُذُرِ ٣٧

37. At katotohanang sila ay nagnais na hiyain ang kanyang panauhin (sa pamamagitan ng pagsasabi nila na makipagtalik sa kanyang [Lut] mga bisita), datapuwa't binulag Namin ang kanilang mga mata (at Kami ay nagwika): "Lasapin ninyo ngayon ang Aking Kaparusahan at Aking mga Babala!"

وَلَقَدۡ صَبَّحَهُم بُكۡرَةً عَذَابٞ مُّسۡتَقِرّٞ ٣٨

38. At katotohanang nang kinaumagahan, ang walang maliw na Kaparusahan ay sumakmal sa kanila.

فَذُوقُواْ عَذَابِي وَنُذُرِ ٣٩

39. "Kaya't inyong lasapin ang Aking Kaparusahan at Aking mga Babala."

وَلَقَدۡ يَسَّرۡنَا ٱلۡقُرۡءَانَ لِلذِّكۡرِ فَهَلۡ مِن مُّدَّكِرٖ ٤٠

40. At katotohanang Aming ginawa ang Qur'an na madaling maunawaan at maala-ala, kaya't mayroon bang sinuman ang makakaala-ala (o tatanggap ng tagubilin)?

وَلَقَدۡ جَآءَ ءَالَ فِرۡعَوۡنَ ٱلنُّذُرُ ٤١

41. At katotohanan, ang mga Babala ay dumatal sa mga tao ni Paraon (sa pamamagitan ni Moises at Aaron),

كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَـٰتِنَا كُلِّهَا فَأَخَذْنَـٰهُمْ أَخْذَ عَزِيزٍ مُّقْتَدِرٍ ﴿٤٢﴾

42. (Ang mga tao) ay nagpabulaan sa lahat ng Aming mga Tanda, kaya't Aming sinakmal sila ng Kaparusahan na nagmula sa Isang Kataas-taasan sa Kapangyarihan, na nakapagpapatupad ng Kanyang kautusan (walang Hanggang Kapangyarihan).

أَكُفَّارُكُمْ خَيْرٌ مِّنْ أُو۟لَـٰٓئِكُمْ أَمْ لَكُم بَرَآءَةٌ فِى ٱلزُّبُرِ ﴿٤٣﴾

43. Ang iyo bang mga tao na walang pananampalataya (O Quraish!) ay higit na mabuti kaysa kanila (mga pamayanan ni Noah, Lut, Salih at mga tao ni Paraon, atbp. na mga winasak)? O kayo ba ay ligtas at hindi napapailalim (laban sa Aming Kaparusahan) sa mga Banal na Kasulatan?

أَمْ يَقُولُونَ نَحْنُ جَمِيعٌ مُّنتَصِرٌ ﴿٤٤﴾

44. O sila ba ay nagsasabi: "Kami ay marami sa bilang at kami ay makapagtatanggol ng aming sarili at magtatagumpay"?

سَيُهْزَمُ ٱلْجَمْعُ وَيُوَلُّونَ ٱلدُّبُرَ ﴿٤٥﴾

45. Hindi magtatagal, ang karamihan sa kanila ay tatalikod, at sila ay tatalilis.

بَلِ ٱلسَّاعَةُ مَوْعِدُهُمْ وَٱلسَّاعَةُ أَدْهَىٰ وَأَمَرُّ ﴿٤٦﴾

46. Tunay nga! Ang Oras (ng Paghuhukom) ay ang Sandali na ipinangako sa kanila (para sa kanilang lubos na kabayaran), at ang Oras na yaon ang Pinakamasakit at Pinakamasaklap.

إِنَّ ٱلْمُجْرِمِينَ فِى ضَلَـٰلٍ وَسُعُرٍ ﴿٤٧﴾

47. Katotohanan, ang mga makasalanan (mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig, kriminal) ay nasa kamalian (sa mundong ito) at masusunog (sa Impiyerno sa Kabilang Buhay).

يَوْمَ يُسْحَبُونَ فِى ٱلنَّارِ عَلَىٰ وُجُوهِهِمْ ذُوقُوا۟ مَسَّ سَقَرَ ﴿٤٨﴾

48. Sa Araw na sila ay hihilahin sa Apoy at ang kanilang mukha ay isusugba sa Apoy (at sa kanila ay ipagsusulit:) "Lasapin ninyo at damhin ang Impiyerno!"

إِنَّا كُلَّ شَىْءٍ خَلَقْنَـٰهُ بِقَدَرٍ ﴿٤٩﴾

49. Katotohanang Aming nilikha ang lahat ng bagay sa *Qadar* (maka-Diyos na Pagtatakda [Pag-uutos] sa lahat ng bagay bago pa ang paglikha sa kanila at ito ay nasusulat sa Aklat ng mga Pag-uutos — *Al Lauh Al Mahfouz*).

وَمَآ أَمْرُنَآ إِلَّا وَٰحِدَةٌ كَلَمْحٍۭ بِٱلْبَصَرِ ﴿٥٠﴾

50. At ang Aming Pag-uutos ay isa lamang, na katulad ng (isang) kurap ng mata.

وَلَقَدْ أَهْلَكْنَآ أَشْيَاعَكُمْ فَهَلْ مِن مُّدَّكِرٍ ﴿٥١﴾

51. At katotohanang (sa panahong sinauna) ay Aming winasak ang mga pangkat na katulad ninyo, kaya't mayroon bang sinuman ang makakaala-ala (at tatanggap ng tagubilin)?

وَكُلُّ شَيْءٍ فَعَلُوهُ فِي الزُّبُرِ ﴿٥٢﴾

52. At ang lahat (at bawat isa) na kanilang ginawa ay nakatala sa (kanilang) mga Aklat (ng Gawa).

وَكُلُّ صَغِيرٍ وَكَبِيرٍ مُّسْتَطَرٌ ﴿٥٣﴾

53. At ang lahat ng mga bagay, maliit man at malaki ay nakatala (sa *Al Lauh Al Mahfouz* noon pa man, bago pa ito mangyari). [Tunghayan ang Qur'an 57:22).

إِنَّ الْمُتَّقِينَ فِي جَنَّاتٍ وَنَهَرٍ ﴿٥٤﴾

54. Katotohanan, ang matutuwid (at matimtimang tao na umiiwas sa lahat ng kasamaan na Kanyang ipinagbabawal at nagmamahal nang labis kay Allah sa pamamagitan ng paggawa ng mga kabutihan at pagsunod sa lahat ng Kanyang ipinag-uutos), sila ay mananahan sa gitna ng Halamanan at mga Ilog (Paraiso),

فِي مَقْعَدِ صِدْقٍ عِندَ مَلِيكٍ مُّقْتَدِرٍ ﴿٥٥﴾

55. Sa upuan ng karangalan na malapit sa paningin ng Isang Hari na Walang Hanggan sa Kapangyarihan (Allah)!

سُورَةُ الرَّحْمَٰنِ

Surah 55

Surat Ar-Rahman
(Ang Pinakamahabagin)

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

الرَّحْمَٰنُ ﴿١﴾

1. Ang Pinakamahabagin (si Allah)!

عَلَّمَ الْقُرْآنَ ﴿٢﴾

2. Siya na nagturo (sa inyo, O Sangkatauhan) ng Qur'an (sa pamamagitan ng Kanyang Habag).

خَلَقَ الْإِنسَانَ ﴿٣﴾

3. Siya ang lumikha sa tao.

عَلَّمَهُ الْبَيَانَ ﴿٤﴾

4. Siya na nagturo sa kanya nang maindayog na pananalita.

الشَّمْسُ وَالْقَمَرُ بِحُسْبَانٍ ﴿٥﴾

5. Ang araw at buwan ay (gumagalaw o umiinog) nang buong katumpakan (sa kanyang pirming oras at sukat).

وَالنَّجْمُ وَالشَّجَرُ يَسْجُدَانِ ﴿٦﴾

6. Ang mga bituin at mga punongkahoy ay kapwa nagpapatirapa (sa pagpupuri).

وَٱلسَّمَآءَ رَفَعَهَا وَوَضَعَ ٱلْمِيزَانَ ﴿٧﴾

7. At ang kalangitan ay Kanyang itinaas nang matayog, at Kanyang itinakda ang Timbangan (ng katarungan),

أَلَّا تَطْغَوْا۟ فِى ٱلْمِيزَانِ ﴿٨﴾

8. Upang kayo ay hindi magmalabis sa hangganan (at Timbangan).

وَأَقِيمُوا۟ ٱلْوَزْنَ بِٱلْقِسْطِ وَلَا تُخْسِرُوا۟ ٱلْمِيزَانَ ﴿٩﴾

9. Kaya't panatilihin ninyo ang Timbangan ng may katarungan at huwag ninyong bayaan ang timbangan na magkulang.

وَٱلْأَرْضَ وَضَعَهَا لِلْأَنَامِ ﴿١٠﴾

10. At Siya ang naglatag ng kalupaan para sa kanyang mga nilikha,

فِيهَا فَٰكِهَةٌ وَٱلنَّخْلُ ذَاتُ ٱلْأَكْمَامِ ﴿١١﴾

11. Na naririto ang mga bungangkahoy at mga palmera (datiles) na namumunga sa maraming buwig.

وَٱلْحَبُّ ذُو ٱلْعَصْفِ وَٱلرَّيْحَانُ ﴿١٢﴾

12. At gayundin ang mais, ang (kanyang) dahon at tangkay ay bilang pagkain ng mga hayop, at mababangong halaman (herba).

فَبِأَىِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿١٣﴾

13. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

خَلَقَ ٱلْإِنسَٰنَ مِن صَلْصَٰلٍ كَٱلْفَخَّارِ ﴿١٤﴾

14. Nilikha Niya ang tao (Adan) mula sa malambot na putik na tulad (ng gamit) sa palayukan.

وَخَلَقَ ٱلْجَآنَّ مِن مَّارِجٍ مِّن نَّارٍ ﴿١٥﴾

15. At nilikha Niya ang mga *Jinn* mula sa apoy na walang usok.

فَبِأَىِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿١٦﴾

16. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

رَبُّ ٱلْمَشْرِقَيْنِ وَرَبُّ ٱلْمَغْرِبَيْنِ ﴿١٧﴾

17. (Siya ang) Panginoon ng dalawang Silangan (ang lugar ng pagsikat ng araw sa panahon ng Tag-init at Taglamig), at Panginoon ng dalawang Kanluran (ang lugar ng paglubog ng araw sa panahon ng Tag-init at Taglamig).

فَبِأَىِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿١٨﴾

18. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

مَرَجَ ٱلْبَحْرَيْنِ يَلْتَقِيَانِ ﴿١٩﴾

19. Hinayaan Niya na maging malaya ang dalawang bahagi ng dagat (ang maalat at matabang na tubig) na magpanagpo (ang mga ito ay magkatabi datapuwa't hindi naghahalo),

بَيْنَهُمَا بَرْزَخٌ لَّا يَبْغِيَانِ ﴿٢٠﴾

20. Na sa pagitan nila ay may isang halang (hadlang) at sila ay hindi magsasanib (sa isa't isa).

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٢١﴾

21. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

يَخْرُجُ مِنْهُمَا ٱللُّؤْلُؤُ وَٱلْمَرْجَانُ ﴿٢٢﴾

22. Na rito (sa dagat) ay nagmumula ang mga perlas at batong bulaklak.

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٢٣﴾

23. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

وَلَهُ ٱلْجَوَارِ ٱلْمُنشَـَٔاتُ فِى ٱلْبَحْرِ كَٱلْأَعْلَـٰمِ ﴿٢٤﴾

24. At sa Kanya ang pag-aangkin (ng pamamahala) sa mga barko na naglalayag nang mabilis sa karagatan, na matayog na tulad ng mga bundok.

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٢٥﴾

25. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

كُلُّ مَنْ عَلَيْهَا فَانٍ ﴿٢٦﴾

26. Ang sinuman na nasa (kalupaan) ay maglalaho.

وَيَبْقَىٰ وَجْهُ رَبِّكَ ذُو ٱلْجَلَـٰلِ وَٱلْإِكْرَامِ ﴿٢٧﴾

27. At mananatili ang Mukha ng iyong Panginoon na nag-aangkin ng Kaluwalhatian at Karangalan.

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٢٨﴾

28. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

يَسْـَٔلُهُۥ مَن فِى ٱلسَّمَـٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ كُلَّ يَوْمٍ هُوَ فِى شَأْنٍ ﴿٢٩﴾

29. Ang bawat nilalang dito sa kalangitan at kalupaan ay sa Kanya humahanap ng kanilang pangangailangan. At sa araw-araw, Siya ay nananatili (na nagpapapangyari) sa bawat bagay-bagay (ng Kanyang mga nilikha).

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٣٠﴾

30. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

سَنَفْرُغُ لَكُمْ أَيُّهَ ٱلثَّقَلَانِ ﴿٣١﴾

31. Kami (Allah) ang nangangalaga sa inyo, O kayong dalawang uri ng nilalang (mga *Jinn* at Tao)!

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٣٢﴾

32. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

يَـٰمَعْشَرَ ٱلْجِنِّ وَٱلْإِنسِ إِنِ ٱسْتَطَعْتُمْ أَن تَنفُذُوا۟ مِنْ أَقْطَارِ ٱلسَّمَـٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ فَٱنفُذُوا۟ ۚ لَا تَنفُذُونَ إِلَّا بِسُلْطَـٰنٍ ﴿٣٣﴾

33. O kayong kalipunan ng mga *Jinn* at Tao! Kung kayo ay may kapangyarihan na makatagpos nang lagpas sa mga sona ng kalangitan at kalupaan, kung gayon, tagpusin ninyo (ang mga ito). Datapuwa't hindi ninyo ito

kailanman matatagpos malibang may kapamahalaan (na nagmula kay Allah).

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٣٤﴾

34. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

يُرْسَلُ عَلَيْكُمَا شُوَاظٌ مِّن نَّارٍ وَنُحَاسٌ فَلَا تَنتَصِرَانِ ﴿٣٥﴾

35. At sa inyong dalawa (mga *Jinn* at Tao) ay ipapadala (sa inyong masasama) ang ningas ng apoy at usok (o tunaw na tanso), at hindi ninyo maipagtatanggol ang inyong sarili.

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٣٦﴾

36. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

فَإِذَا ٱنشَقَّتِ ٱلسَّمَآءُ فَكَانَتْ وَرْدَةً كَٱلدِّهَانِ ﴿٣٧﴾

37. At kung ang kalangitan ay mahati sa pagkapunit, at yaon ay maging kakulay ng rosas na wari bang langis (o tila nangingitim na balat).

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٣٨﴾

38. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

فَيَوْمَئِذٍ لَّا يُسْـَٔلُ عَن ذَنۢبِهِۦٓ إِنسٌ وَلَا جَآنٌّ ﴿٣٩﴾

39. Sa Araw na yaon, ang Tao, maging ang *Jinn* ay hindi tatanungin sa kanyang kasalanan (sapagkat ito ay natukoy na sa kulay ng kanilang mukha, kung ito ay itim o puti).

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٤٠﴾

40. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

يُعْرَفُ ٱلْمُجْرِمُونَ بِسِيمَٰهُمْ فَيُؤْخَذُ بِٱلنَّوَٰصِى وَٱلْأَقْدَامِ ﴿٤١﴾

41. Ang mga makasalanan (walang pananalig, mapagsamba sa diyus-diyosan, kriminal, tampalasan, buktot) ay makikilala sa kanilang mga tanda (maiitim na mukha), at sila ay sasakmalin sa nakalawit at natataliang buhok (na nasa kanilang noo) at sa kanilang mga paa.

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٤٢﴾

42. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

هَٰذِهِۦ جَهَنَّمُ ٱلَّتِى يُكَذِّبُ بِهَا ٱلْمُجْرِمُونَ ﴿٤٣﴾

43. Ito ang Impiyerno na pinabulaanan (hindi pinaniwalaan) ng mga makasalanan (walang pananalig, mapagsamba sa diyus-diyosan, kriminal, tampalasan, buktot, atbp.).

يَطُوفُونَ بَيْنَهَا وَبَيْنَ حَمِيمٍ ءَانٍ ﴿٤٤﴾

44. Sila ay magsisiikot sa gitna nang mainit at kumukulong tubig (Impiyerno)!

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٤٥﴾

45. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

وَلِمَنْ خَافَ مَقَامَ رَبِّهِۦ جَنَّتَانِ ﴿٤٦﴾

46. At siya na may pangangamba sa pagtindig sa harapan ng kanyang Panginoon, doon ay magkakaroon ng dalawang Halamanan (Paraiso).

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٤٧﴾

47. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

ذَوَاتَآ أَفْنَانٍ ﴿٤٨﴾

48. Na may malalabay na mga sanga;

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٤٩﴾

49. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

فِيهِمَا عَيْنَانِ تَجْرِيَانِ ﴿٥٠﴾

50. At sa pagitan nito (Halamanan) ay mayroong dalawang Batis na malayang dumadaloy;

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٥١﴾

51. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

فِيهِمَا مِن كُلِّ فَٰكِهَةٍ زَوْجَانِ ﴿٥٢﴾

52. At naroroon ang lahat ng uri ng bungangkahoy sa bawat pares.

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٥٣﴾

53. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

مُتَّكِـِٔينَ عَلَىٰ فُرُشٍۭ بَطَآئِنُهَا مِنْ إِسْتَبْرَقٍ ۚ وَجَنَى ٱلْجَنَّتَيْنِ دَانٍ ﴿٥٤﴾

54. Sila ay magsisihilig sa mga diban na nababalutan nang binurdahang sutla, at ang mga bungangkahoy ng dalawang Halamanan ay mababa at naaabot ng kamay.

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٥٥﴾

55. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

فِيهِنَّ قَٰصِرَٰتُ ٱلطَّرْفِ لَمْ يَطْمِثْهُنَّ إِنسٌ قَبْلَهُمْ وَلَا جَآنٌّ ﴿٥٦﴾

56. At sasakanila ang (mga dalaga) na nagtutuon lamang nang pagsulyap (sa kanilang asawa, alalaong baga, sila ay malinis at mahinhin), na mga donselya (birhen) at wala pang tao o *Jinn* ang sa kanila ay nakasaling.

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٥٧﴾

57. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

كَأَنَّهُنَّ ٱلْيَاقُوتُ وَٱلْمَرْجَانُ ﴿٥٨﴾

58. (Na ang kagandahan) ay nawawangis sa mga batong rubi at batong bulaklak.

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٥٩﴾

59. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

هَلْ جَزَآءُ ٱلْإِحْسَٰنِ إِلَّا ٱلْإِحْسَٰنُ ﴿٦٠﴾

60. Mayroon pa bang ibang ganti ang kabutihan maliban sa kabutihan?

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٦١﴾

61. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

وَمِن دُونِهِمَا جَنَّتَانِ ﴿٦٢﴾

62. At bukod pa sa dalawang (Halamanang ito) ay mayroon pang dalawang Halamanan (alalaong baga, ang Paraiso).

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٦٣﴾

63. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

مُدْهَامَّتَانِ ﴿٦٤﴾

64. Na luntiang-luntian ang kulay nito.

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٦٥﴾

65. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

فِيهِمَا عَيْنَانِ نَضَّاخَتَانِ ﴿٦٦﴾

66. At sa bawat (Halamanan) ay may dalawang batis na bumubulwak.

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٦٧﴾

67. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

فِيهِمَا فَٰكِهَةٌ وَنَخْلٌ وَرُمَّانٌ ﴿٦٨﴾

68. Na naroroon ang mga bungangkahoy, at mga bungang palmera (datiles) at bungang granada (pomegrenates).

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٦٩﴾

69. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

فِيهِنَّ خَيْرَٰتٌ حِسَانٌ ﴿٧٠﴾

70. At (sa Halamanan) ay sasakanila ang (mga asawa) na mainam at maganda;

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٧١﴾

71. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

حُورٌ مَّقْصُورَٰتٌ فِى ٱلْخِيَامِ ﴿٧٢﴾

72. Mga *Houris* (magaganda at mapuputing babae) na nakataan sa mga bulwagan;

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٧٣﴾

73. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

لَمْ يَطْمِثْهُنَّ إِنسٌ قَبْلَهُمْ وَلَا جَآنٌّ ﴿٧٤﴾

74. Na wala pang sinumang tao o *Jinn* ang sa kanila ay nakasaling (alalaong baga, donselya o birhen pa).

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٧٥﴾

75. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

مُتَّكِـِٔينَ عَلَىٰ رَفْرَفٍ خُضْرٍ وَعَبْقَرِيٍّ حِسَانٍ ﴿٧٦﴾

76. Na nakahilig sa mga luntiang diban at mga karpetang tigib sa kagandahan.

فَبِأَيِّ ءَالَآءِ رَبِّكُمَا تُكَذِّبَانِ ﴿٧٧﴾

77. Kaya't alin sa mga kaloob ng inyong Panginoon ang inyong itinatatwa (O mga *Jinn* at Tao)?

تَبَارَكَ ٱسْمُ رَبِّكَ ذِى ٱلْجَلَٰلِ وَٱلْإِكْرَامِ ﴿٧٨﴾

78. Maluwalhati ang Pangalan ng iyong Panginoon (Allah), ang Nagmamay-ari ng Kamahalan at Karangalan.

سُورَةُ الْوَاقِعَةِ

Surah 56

Surat Al-Waqi'a
(Ang Pangyayari)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

إِذَا وَقَعَتِ ٱلْوَاقِعَةُ ﴿١﴾

1. Kung ang Pangyayari na hindi maiiwasan (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay) ay dumatal na,

لَيْسَ لِوَقْعَتِهَا كَاذِبَةٌ ﴿٢﴾

2. Na walang (kaluluwa) ang makapagtatatwa tungkol sa pagdatal nito,

خَافِضَةٌ رَّافِعَةٌ ﴿٣﴾

3. Na ito ay magpapababa (sa ilan) at magtataas naman (sa iba);

إِذَا رُجَّتِ ٱلْأَرْضُ رَجًّا ﴿٤﴾

4. Kung ang kalupaan ay makalog sa isang matinding pagkalog.

وَبُسَّتِ ٱلْجِبَالُ بَسًّا ﴿٥﴾

5. Kung ang kabundukan ay malansag (at madurog) sa maliliit na piraso,

فَكَانَتْ هَبَآءً مُّنۢبَثًّا ﴿٦﴾

6. At ito ay maging alabok na nagsisipangalat.

وَكُنتُمْ أَزْوَٰجًا ثَلَٰثَةً ﴿٧﴾

7. At kayong (lahat) ay pagbubukud-bukurin sa tatlong uri (alalaong baga, sa tatlong pangkat).

فَأَصْحَٰبُ ٱلْمَيْمَنَةِ مَآ أَصْحَٰبُ ٱلْمَيْمَنَةِ ﴿٨﴾

8. (Ang una) ay mga kasamahan ng Kanang Kamay (alalaong baga, sila na bibigyan ng kanilang Talaan sa kanilang kanang kamay), - Sino baga sila na nasa Kanang Kamay (bilang paggalang sa kanila sapagkat sila ay papasok sa Paraiso)?

وَأَصْحَٰبُ ٱلْمَشْـَٔمَةِ مَآ أَصْحَٰبُ ٱلْمَشْـَٔمَةِ ﴿٩﴾

9. (At ang sumunod) ay mga Kasamahan ng Kaliwang Kamay (alalaong baga, sila na bibigyan ng kanilang Talaan sa kanilang kaliwang kamay), - Sino baga sila na nasa Kaliwang Kamay (bilang kahihiyan sa kanila sapagkat sila ay papasok sa Impiyerno)?

وَٱلسَّٰبِقُونَ ٱلسَّٰبِقُونَ ﴿١٠﴾

10. (At ang pangatlo) ay mga nangunguna (sa pagsunod sa mga kautusan ni Allah), sila ang mga nangunguna (sa pagpasok sa Paraiso).

أُو۟لَٰٓئِكَ ٱلْمُقَرَّبُونَ ﴿١١﴾

11. Sila ang magiging pinakamalapit kay Allah,

فِى جَنَّٰتِ ٱلنَّعِيمِ ﴿١٢﴾

12. Sa Halamanan ng Kaligayahan (Paraiso).

ثُلَّةٌ مِّنَ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿١٣﴾

13. Ang karamihan sa mga nangunguna ay magmumula sa mga sinaunang henerasyon (na yumakap sa Islam).

وَقَلِيلٌ مِّنَ ٱلْءَاخِرِينَ ﴿١٤﴾

14. At ang ilan (din sa mangunguna) ay magmumula sa huling henerasyon.

عَلَىٰ سُرُرٍ مَّوْضُونَةٍ ﴿١٥﴾

15. (Sila ay malalagay) sa mga luklukan na nagagayakan ng ginto at mamahaling bato,

مُّتَّكِـِٔينَ عَلَيْهَا مُتَقَٰبِلِينَ ﴿١٦﴾

16. Na nakahilig dito at magkakaharap,

يَطُوفُ عَلَيْهِمْ وِلْدَٰنٌ مُّخَلَّدُونَ ﴿١٧﴾

17. At sa kanila ay lumilibot ang (mga nagsisilbing) kabataan (na walang kamatayan o magpasawalang-hanggan),

بِأَكْوَابٍ وَأَبَارِيقَ وَكَأْسٍ مِّن مَّعِينٍ ﴿١٨﴾

18. Na may mga tangang kopita, mga pitsel (o bangang sisidlan), at isang baso nang dumadaloy na alak (mula sa batis),

لَّا يُصَدَّعُونَ عَنْهَا وَلَا يُنزِفُونَ ﴿١٩﴾

19. (Na sa pag-inom nito), sila ay hindi makakaramdam ng pananakit ng ulo at gayundin ng pagkalasing.

وَفَٰكِهَةٍ مِّمَّا يَتَخَيَّرُونَ ﴿٢٠﴾

20. At mga bungangkahoy, anuman ang kanilang piliin.

وَلَحْمِ طَيْرٍ مِّمَّا يَشْتَهُونَ ﴿٢١﴾

21. At anumang karne ng mga pabo (at kauri nito) na kanilang maibigan.

وَحُورٌ عِينٌ ﴿٢٢﴾

22. At sila ay (magkakaroon) ng mga *Houris* (kasamahang babae na may magaganda at

manininingning na mga mata bilang kanilang mga asawa),

كَأَمْثَٰلِ ٱللُّؤْلُؤِ ٱلْمَكْنُونِ ﴿٢٣﴾

23. Na tulad ng mga perlas na lubos na napapangalagaan,

جَزَآءًۢ بِمَا كَانُوا۟ يَعْمَلُونَ ﴿٢٤﴾

24. Bilang gantimpala sa kanilang nagawa (sa nakalipas na makamundong buhay).

لَا يَسْمَعُونَ فِيهَا لَغْوًا وَلَا تَأْثِيمًا ﴿٢٥﴾

25. At doon ay wala silang maririnig na masasamang salita o paggawa ng kasalanan (tulad ng paninirang-puri),

إِلَّا قِيلًا سَلَٰمًا سَلَٰمًا ﴿٢٦﴾

26. Maliban lamang sa pagsasabi ng: *Salam, Salam* (Sumainyo ang Kapayapaan, Sumainyo ang Kapayapaan)!

وَأَصْحَٰبُ ٱلْيَمِينِ مَآ أَصْحَٰبُ ٱلْيَمِينِ ﴿٢٧﴾

27. At sila na kasamahan ng Kanang Kamay, gaano (kapalad) sila (na magiging kasamahan) ng Kanang Kamay?

فِى سِدْرٍ مَّخْضُودٍ ﴿٢٨﴾

28. (Sila) ay mananahan sa gitna ng mga punong lote na walang tinik,

وَطَلْحٍ مَّنضُودٍ ﴿٢٩﴾

29. Sa gitna ng punong *Talh* (punong saging), na may mga bulaklak (at bunga) na kumpul-kumpol,

وَظِلٍّ مَّمْدُودٍ ﴿٣٠﴾

30. Sa malabay (at nakaladlad) na lilim,

وَمَآءٍ مَّسْكُوبٍ ﴿٣١﴾

31. Sa tabi ng tubig na patuloy na dumadaloy,

وَفَٰكِهَةٍ كَثِيرَةٍ ﴿٣٢﴾

32. At mga bungangkahoy na sagana,

لَّا مَقْطُوعَةٍ وَلَا مَمْنُوعَةٍ ﴿٣٣﴾

33. Na hindi nagmamaliw ang bunga (kahit wala sa panahon) at hindi nauubusan ng ani,

وَفُرُشٍ مَّرْفُوعَةٍ ﴿٣٤﴾

34. At sa mga diban (supa) o mga luklukan na nakataas.

إِنَّآ أَنشَأْنَٰهُنَّ إِنشَآءً ﴿٣٥﴾

35. Katotohanang nilikha Namin ang kanilang Kasamahan (mga Dalaga) sa natatanging paglikha,

فَجَعَلْنَٰهُنَّ أَبْكَارًا ﴿٣٦﴾

36. At (Aming) ginawa sila na mga birhen,

عُرُبًا أَتْرَابًا ﴿٣٧﴾

37. Na nagmamahal (lamang sa kanilang asawa), at pantay-pantay sa gulang,

لِّأَصْحَٰبِ ٱلْيَمِينِ ﴿٣٨﴾

38. Na nalalaan sa mga kasamahan ng Kanang Kamay.

ثُلَّةٌ مِّنَ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿٣٩﴾

39. Ang karamihan sa mga tao (ng Kanang Kamay) ay magmumula sa sinaunang henerasyon (na yumakap sa Islam).

40. At ang karamihan sa mga tao (ng Kanang Kamay) ay magmumula sa huling henerasyon.

وَثُلَّةٌ مِّنَ ٱلْـَٔاخِرِينَ ﴿٤٠﴾

41. At sila na kasamahan ng Kaliwang Kamay, - Sino nga ba sila na magiging kasamahan ng Kaliwang Kamay?

وَأَصْحَٰبُ ٱلشِّمَالِ مَآ أَصْحَٰبُ ٱلشِّمَالِ ﴿٤١﴾

42. (Sila) ay mananahan sa gitna nang nakapapasong Lagablab ng Apoy at kumukulong tubig,

فِى سَمُومٍ وَحَمِيمٍ ﴿٤٢﴾

43. At sa Anino (Lilim) ng Maitim na Usok,

وَظِلٍّ مِّن يَحْمُومٍ ﴿٤٣﴾

44. (Ang Lilim) na ito ay walang anumang lamig o kaginhawahan,

لَّا بَارِدٍ وَلَا كَرِيمٍ ﴿٤٤﴾

45. Katotohanang bago pa ito (ang Kaparusahan), sila ay nalulong sa karangyaan (at luho sa kayamanan),

إِنَّهُمْ كَانُوا۟ قَبْلَ ذَٰلِكَ مُتْرَفِينَ ﴿٤٥﴾

46. At nagpatuloy sa pamimihasa sa kahiya-hiyang kabuktutan (tulad ng pagbibigay ng katambal sa pagsamba kay Allah, pagpatay, paggawa ng mga krimen, atbp.),

وَكَانُوا۟ يُصِرُّونَ عَلَى ٱلْحِنثِ ٱلْعَظِيمِ ﴿٤٦﴾

47. At lagi nilang ipinagbabadya: "Ano? Kung kami ba ay mamatay at maging alabok at kalansay, kami ba ay tunay na ibabangong muli sa pagkabuhay?"

وَكَانُوا۟ يَقُولُونَ أَئِذَا مِتْنَا وَكُنَّا تُرَابًا وَعِظَٰمًا أَءِنَّا لَمَبْعُوثُونَ ﴿٤٧﴾

48. (Kami) at ang aming mga ninuno (noong pang panahong sinauna)?

أَوَ ءَابَآؤُنَا ٱلْأَوَّلُونَ ﴿٤٨﴾

49. Ipagbadya (O Muhammad): "Tunay nga! Silang (mga tao) ng panahong sinauna at silang (mga tao) ng huling panahon."

قُلْ إِنَّ ٱلْأَوَّلِينَ وَٱلْـَٔاخِرِينَ ﴿٤٩﴾

50. Walang pagsala na titipunin ang lahat nang sama-sama para sa pakikipagtipan sa bantog na Araw.

لَمَجْمُوعُونَ إِلَىٰ مِيقَٰتِ يَوْمٍ مَّعْلُومٍ ﴿٥٠﴾

51. Katotohanang kayo na mapaggawa ng kamalian, kayo na humahalakhak (sa katotohanan) at nagtatatwa (sa Muling Pagkabuhay)!

ثُمَّ إِنَّكُمْ أَيُّهَا ٱلضَّآلُّونَ ٱلْمُكَذِّبُونَ ﴿٥١﴾

52. Katotohanang inyong matitikman ang puno ng *Zaqqum*.

لَـَٔاكِلُونَ مِن شَجَرٍ مِّن زَقُّومٍ ﴿٥٢﴾

53. At inyong pupunuin ang inyong sikmura ng mga ito,

فَمَالِـُٔونَ مِنْهَا ٱلْبُطُونَ ﴿٥٣﴾

54. At kayo ay iinom nang kumukulong tubig.

فَشَٰرِبُونَ عَلَيْهِ مِنَ ٱلْحَمِيمِ ﴿٥٤﴾

فَشَٰرِبُونَ شُرْبَ ٱلْهِيمِ ﴿٥٥﴾

55. Katotohanang kayo ay magsisiinom (nito) na katulad ng kamelyong may sakit na sumisingasing sa pagkauhaw!

هَٰذَا نُزُلُهُمْ يَوْمَ ٱلدِّينِ ﴿٥٦﴾

56. Ito ang kanilang magiging kaluwagan sa Araw ng Kabayaran!

نَحْنُ خَلَقْنَٰكُمْ فَلَوْلَا تُصَدِّقُونَ ﴿٥٧﴾

57. Kami (Allah) ang lumikha sa inyo, kaya't bakit kayo ay hindi nagsipaniwala?

أَفَرَءَيْتُم مَّا تُمْنُونَ ﴿٥٨﴾

58. Nakikita ba ninyo ang binhi ng tao (semilya) na inyong inilalabas?

ءَأَنتُمْ تَخْلُقُونَهُۥٓ أَمْ نَحْنُ ٱلْخَٰلِقُونَ ﴿٥٩﴾

59. Kayo ba ang lumikha sa mga ito (semilya, na nagiging isang ganap na tao), o Kami ba ang Manlilikha?

نَحْنُ قَدَّرْنَا بَيْنَكُمُ ٱلْمَوْتَ وَمَا نَحْنُ بِمَسْبُوقِينَ ﴿٦٠﴾

60. Itinakda Namin ang kamatayan sa inyong lahat na inyong maranasan at Kami ay hindi manlulupaypay,

عَلَىٰٓ أَن نُّبَدِّلَ أَمْثَٰلَكُمْ وَنُنشِئَكُمْ فِى مَا لَا تَعْلَمُونَ ﴿٦١﴾

61. Na pagbaguhing-anyo kayo at likhain kayo (sa mga anyo) na hindi ninyo nalalaman.

وَلَقَدْ عَلِمْتُمُ ٱلنَّشْأَةَ ٱلْأُولَىٰ فَلَوْلَا تَذَكَّرُونَ ﴿٦٢﴾

62. At katotohanang batid ninyo ang unang anyo ng paglikha (alalaong baga, ang paglikha kay Adan). Bakit nga ba hindi kayo nakakaala-ala (o sumusunod)?

أَفَرَءَيْتُم مَّا تَحْرُثُونَ ﴿٦٣﴾

63. Nakikita ba ninyo ang butong (binhi) na inyong itinatanim sa lupa?

ءَأَنتُمْ تَزْرَعُونَهُۥٓ أَمْ نَحْنُ ٱلزَّٰرِعُونَ ﴿٦٤﴾

64. Kayo ba ang nagpatubo sa mga ito o Kami ba na Manlilikha ang nagpatubo?

لَوْ نَشَآءُ لَجَعَلْنَٰهُ حُطَٰمًا فَظَلْتُمْ تَفَكَّهُونَ ﴿٦٥﴾

65. Kung Aming nanaisin ay magagawa Namin na gutayin ito sa tuyong piraso, at kayo ay magsisisi (o maiiwan sa pagkamangha),

إِنَّا لَمُغْرَمُونَ ﴿٦٦﴾

66. (Na nagsasabi): "Katotohanang kami ay nabibigatan sa pagkakautang (o nalugi at naparusahan sa kawalan ng pakinabang)!

بَلْ نَحْنُ مَحْرُومُونَ ﴿٦٧﴾

67. Hindi! Bagkus, kami ay inagawan (sa bunga ng aming paghihirap)"!

أَفَرَءَيْتُمُ ٱلْمَآءَ ٱلَّذِى تَشْرَبُونَ ﴿٦٨﴾

68. Nakikita ba ninyo ang tubig na inyong iniinom?

ءَأَنتُمْ أَنزَلْتُمُوهُ مِنَ ٱلْمُزْنِ أَمْ نَحْنُ ٱلْمُنزِلُونَ ﴿٦٩﴾

69. Kayo ba ang nagpamalisbis (nagpaulan) nito mula sa mga ulap o Kami ba ang nagpamalisbis (nagpaulan) nito?

لَوْ نَشَآءُ جَعَلْنَٰهُ أُجَاجًا فَلَوْلَا تَشْكُرُونَ ﴿٧٠﴾

70. Kung Aming ninais ay magagawa Namin ito na maging mapait (at maalat na hindi

maiinom). Bakit nga ba kayo ay hindi nagbibigay-pasalamat (kay Allah)?

أَفَرَءَيْتُمُ ٱلنَّارَ ٱلَّتِى تُورُونَ ﴿٧١﴾

71. Nakikita ba ninyo ang apoy na inyong pinagdiringas?

ءَأَنتُمْ أَنشَأْتُمْ شَجَرَتَهَآ أَمْ نَحْنُ ٱلْمُنشِـُٔونَ ﴿٧٢﴾

72. Kayo ba ang nagpatubo sa mga punongkahoy na pinagkukunan ng apoy (at panggatong) o Kami ang nagpatubo nito?

نَحْنُ جَعَلْنَٰهَا تَذْكِرَةً وَمَتَٰعًا لِّلْمُقْوِينَ ﴿٧٣﴾

73. Ginawa Namin ito bilang Paala-ala (sa Apoy ng Impiyerno sa Kabilang Buhay); at isang bagay nang kaginhawahan (alalaong baga, ang makagawa ng apoy) para sa mga naglalakbay (at sa lahat ng iba pang tao sa mundo).

فَسَبِّحْ بِٱسْمِ رَبِّكَ ٱلْعَظِيمِ ﴿٧٤﴾

74. Kaya't ipagdiwang nang may pagpupuri ang Pangalan ng iyong Panginoon, ang Kataas-taasan!

۞ فَلَآ أُقْسِمُ بِمَوَٰقِعِ ٱلنُّجُومِ ﴿٧٥﴾

75. Ako (Allah) ay nanunumpa sa pamamagitan ng paglubog ng mga bituin (*Mawaqii An-Nujum,* ito ay maaaring ipakahulugan na paglubog at pagsikat ng mga bituin, mga palasyo ng bituin, o ang Qur'an at ang antas-antas na pagpapahayag nito [Tafsir At-Tabari]).

وَإِنَّهُۥ لَقَسَمٌ لَّوْ تَعْلَمُونَ عَظِيمٌ ﴿٧٦﴾

76. At katotohanang ito ay dakilang pagsumpa, kung inyo lamang nalalaman.

إِنَّهُۥ لَقُرْءَانٌ كَرِيمٌ ﴿٧٧﴾

77. Katotohanang ito ang Maluwalhating Qur'an,

فِى كِتَٰبٍ مَّكْنُونٍ ﴿٧٨﴾

78. Sa isang Aklat na ganap na napapangalagaan (na kay Allah sa Kalangitan, alalaong baga ang *Al Lauh Al Mahfouz*).

لَّا يَمَسُّهُۥٓ إِلَّا ٱلْمُطَهَّرُونَ ﴿٧٩﴾

79. Na walang sinuman ang makakahipo niyaon (ang Qur'an) maliban sa (kanila) na dalisay (alalaong baga, ang mga anghel, gayundin ang mga tao na nasa kalagayan ng pagkadalisay *[Wudhoo]).*

تَنزِيلٌ مِّن رَّبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٨٠﴾

80. Isang Kapahayagan (ang Qur'an) mula sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang.

أَفَبِهَٰذَا ٱلْحَدِيثِ أَنتُم مُّدْهِنُونَ ﴿٨١﴾

81. Ang Pahayag bang ito (ang Qur'an), na kayo (O mga hindi sumasampalataya) ay nagtatakwil (hindi nagbibigay-pahalaga)?

وَتَجْعَلُونَ رِزْقَكُمْ أَنَّكُمْ تُكَذِّبُونَ ﴿٨٢﴾

82. At sa halip (na inyong pasalamatan si Allah) sa mga biyaya na inyong ikinabubuhay

mula sa Kanya, sa kabalintunaan ay inyong itinatwa Siya (sa kawalan ng pananalig)!

83. Nguni't bakit hindi ninyo (pinangahasan) nang ang (kaluluwa ng isang mamamatay na tao) ay umabot na sa kanyang lalamunan?

فَلَوْلَآ إِذَا بَلَغَتِ ٱلْحُلْقُومَ ﴿٨٣﴾

84. At kayo sa oras na yaon ay tumitingin,

وَأَنتُمْ حِينَئِذٍ تَنظُرُونَ ﴿٨٤﴾

85. Datapuwa't Kami (alalaong baga, ang Aming mga anghel na kumukuha ng kaluluwa) ay higit na malapit sa kanya kaysa sa inyo, subalit (sila) ay hindi ninyo nakikita,

وَنَحْنُ أَقْرَبُ إِلَيْهِ مِنكُمْ وَلَٰكِن لَّا تُبْصِرُونَ ﴿٨٥﴾

86. Kaya't bakit hindi ninyo ginawa, - kung kayo nga ay hindi sakop ng (darating) na pagsusulit at kabayaran (kaparusahan).

فَلَوْلَآ إِن كُنتُمْ غَيْرَ مَدِينِينَ ﴿٨٦﴾

87. Inyong ibalik (muli ang kanyang) kaluluwa sa kanyang katawan, kung kayo ay nagsasabi ng katotohanan?

تَرْجِعُونَهَآ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿٨٧﴾

88. At kung siya (na mamamatay na) ay isa sa magiging malalapit kay Allah,

فَأَمَّآ إِن كَانَ مِنَ ٱلْمُقَرَّبِينَ ﴿٨٨﴾

89. (Sasakanya) ang kapahingahan at kasiyahan sa Hardin ng Kaligayahan (Paraiso).

فَرَوْحٌ وَرَيْحَانٌ وَجَنَّتُ نَعِيمٍ ﴿٨٩﴾

90. At kung siya (na mamamatay na) ay kasamahan ng Kanang Kamay,

وَأَمَّآ إِن كَانَ مِنْ أَصْحَٰبِ ٱلْيَمِينِ ﴿٩٠﴾

91. (Ay sasakanya ang pagbati): "Sumainyo ang kapayapaan at kapanatagan mula sa mga kasamahan ng Kanang Kamay".

فَسَلَٰمٌ لَّكَ مِنْ أَصْحَٰبِ ٱلْيَمِينِ ﴿٩١﴾

92. Datapuwa't kung siya (na mamamatay) ay kasama ng mga nagtatakwil na naliligaw (sa kamalian),

وَأَمَّآ إِن كَانَ مِنَ ٱلْمُكَذِّبِينَ ٱلضَّآلِّينَ ﴿٩٢﴾

93. Sa kanya ang kaluwagan nang nakababanling tubig,

فَنُزُلٌ مِّنْ حَمِيمٍ ﴿٩٣﴾

94. At pagkasunog sa Apoy ng Impiyerno.

وَتَصْلِيَةُ جَحِيمٍ ﴿٩٤﴾

95. Tunay ngang ito ang Lubos na Katotohanan, ang Katiyakan.

إِنَّ هَٰذَا لَهُوَ حَقُّ ٱلْيَقِينِ ﴿٩٥﴾

96. Kaya't ipagbunyi ng may pagpupuri ang Pangalan ng iyong Panginoon, ang Kataastaasan!

فَسَبِّحْ بِٱسْمِ رَبِّكَ ٱلْعَظِيمِ ﴿٩٦﴾

سُورَةُ الحَدِيدِ

Surah 57

Surat Al-Hadid
(Ang Bakal)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ang lahat ng nasa kalangitan at kalupaan ay nagpapahayag ng pagpupuri at kaluwalhatian kay Allah, sapagkat Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

سَبَّحَ لِلَّهِ مَا فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ وَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿١﴾

2. Sa Kanya ang pag-aangkin ng kapamahalaan ng kalangitan at kalupaan. Siya ang naggagawad ng buhay at nagbibigay ng kamatayan, at Siya ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

لَهُۥ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۖ يُحْيِۦ وَيُمِيتُ ۖ وَهُوَ عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ ﴿٢﴾

3. Siya ang Una (walang anumang bago pa sa Kanya) at Huli (walang susunod sa Kanya), ang Nakakapangibabaw (walang sinuman o anuman ang higit sa Kanya), at ang Hindi Mapapangibabawan (walang sinuman o anuman ang higit na malapit sa Kanyang Karunungan). At Siya ang may kaalaman sa lahat ng bagay.

هُوَ ٱلْأَوَّلُ وَٱلْآخِرُ وَٱلظَّٰهِرُ وَٱلْبَاطِنُ ۖ وَهُوَ بِكُلِّ شَيْءٍ عَلِيمٌ ﴿٣﴾

4. Siya (Allah) ang lumikha ng kalangitan at kalupaan sa anim na araw, at pagkatapos, (Siya ay) nag-*Istawa* (lumuklok) sa Kanyang *'Arsh* (Luklukan, sa paraang naaayon sa Kanyang Kamahalan). Talastas Niya kung ano ang pumapasok sa kalupaan at kung ano ang lumalabas dito, at batid Niya kung ano ang bumababa sa kalangitan at umaakyat doon. At Siya ay laging nasa inyo (sa pamamagitan ng Kanyang Karunungan) saan man kayo naroroon. At si Allah ang Lubos na Nakamamatyag nang lahat ninyong ginagawa.

هُوَ ٱلَّذِي خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ فِي سِتَّةِ أَيَّامٍ ثُمَّ ٱسْتَوَىٰ عَلَى ٱلْعَرْشِ ۖ يَعْلَمُ مَا يَلِجُ فِي ٱلْأَرْضِ وَمَا يَخْرُجُ مِنْهَا وَمَا يَنزِلُ مِنَ ٱلسَّمَآءِ وَمَا يَعْرُجُ فِيهَا ۖ وَهُوَ مَعَكُمْ أَيْنَ مَا كُنتُمْ ۚ وَٱللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ بَصِيرٌ ﴿٤﴾

5. Sa Kanya ang kapamahalaan ng mga kalangitan at kalupaan; at kay Allah bumabalik ang (pagpapasya) sa lahat ng pangyayari.

لَهُۥ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ وَإِلَى ٱللَّهِ تُرْجَعُ ٱلْأُمُورُ ﴿٥﴾

6. Pinagsanib Niya ang gabi sa araw (ang pag-

يُولِجُ ٱلَّيْلَ فِي ٱلنَّهَارِ وَيُولِجُ ٱلنَّهَارَ فِي ٱلَّيْلِ

igsi ng oras sa gabi ay idinagdag sa oras ng maghapon), at pinagsanib Niya ang araw sa gabi (ang pag-igsi ng oras ng maghapon ay idinagdag sa oras ng gabi); at Siya ang Lubos na Nakakaalam nang lahat ng mga lihim (ng dibdib).

وَهُوَ عَلِيمٌۢ بِذَاتِ ٱلصُّدُورِ ﴿٦﴾

7. Manampalataya kayo kay Allah at (maniwala) sa Kanyang Sugo (Muhammad), at gumugol sa pagkakawanggawa mula (sa mga kaloob) na ipinagkatiwala Niya sa inyo. At sa inyo na sumasampalataya at gumugugol (sa kawanggawa at Kapakanan ni Allah), sasakanila ang malaking gantimpala.

ءَامِنُوا۟ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ وَأَنفِقُوا۟ مِمَّا جَعَلَكُم مُّسْتَخْلَفِينَ فِيهِ ۖ فَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مِنكُمْ وَأَنفَقُوا۟ لَهُمْ أَجْرٌ كَبِيرٌ ﴿٧﴾

8. Ano ba ang nangyayari sa inyo at kayo ay hindi sumasampalataya kay Allah? Samantalang ang Sugo (Muhammad) ay nag-aanyaya sa inyo na kayo ay sumampalataya sa inyong Panginoon (Allah) at katotohanang tinanggap Niya ang inyong kasunduan, kung kayo ay tunay na nananampalataya.

وَمَا لَكُمْ لَا تُؤْمِنُونَ بِٱللَّهِ ۙ وَٱلرَّسُولُ يَدْعُوكُمْ لِتُؤْمِنُوا۟ بِرَبِّكُمْ وَقَدْ أَخَذَ مِيثَٰقَكُمْ إِن كُنتُم مُّؤْمِنِينَ ﴿٨﴾

9. Siya (Allah) ang nagpapanaog sa Kanyang Alipin (Muhammad) nang lantad na *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, tanda) upang Kanyang magabayan kayo mula sa kadiliman tungo sa liwanag. At katotohanang si Allah sa inyo ay Puspos ng Kabutihan at Pinakamaawain.

هُوَ ٱلَّذِى يُنَزِّلُ عَلَىٰ عَبْدِهِۦٓ ءَايَٰتٍۭ بَيِّنَٰتٍ لِّيُخْرِجَكُم مِّنَ ٱلظُّلُمَٰتِ إِلَى ٱلنُّورِ ۚ وَإِنَّ ٱللَّهَ بِكُمْ لَرَءُوفٌ رَّحِيمٌ ﴿٩﴾

10. At ano ang nangyayari sa inyo at kayo ay hindi gumugugol para sa Kapakanan ni Allah? At kay Allah lamang ang pagmamay-ari nang lahat ng mga kayamanan ng kalangitan at kalupaan. Hindi magkatulad sa inyo ang mga gumugol nang kusa at nakipaglaban noon sa pagsakop (sa Makkah), at sa kanila (na kasama mo na lumaban [hanggang] sa katapusan). Sila ay higit na mataas sa antas kaysa sa gumugol nang kusa at nakipaglaban sa bandang huli. At sa lahat, si Allah ay nangako ng pinakamabuting gantimpala. At si Allah ang Ganap na Nakababatid nang lahat ng inyong ginagawa.

وَمَا لَكُمْ أَلَّا تُنفِقُوا۟ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ وَلِلَّهِ مِيرَٰثُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ لَا يَسْتَوِى مِنكُم مَّنْ أَنفَقَ مِن قَبْلِ ٱلْفَتْحِ وَقَٰتَلَ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ أَعْظَمُ دَرَجَةً مِّنَ ٱلَّذِينَ أَنفَقُوا۟ مِنۢ بَعْدُ وَقَٰتَلُوا۟ ۚ وَكُلًّا وَعَدَ ٱللَّهُ ٱلْحُسْنَىٰ ۚ وَٱللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ خَبِيرٌ ﴿١٠﴾

11. Sinuman ang magpautang kay Allah ng isang magandang pautang, si Allah ang magpaparami nito nang maraming ulit sa

مَّن ذَا ٱلَّذِى يُقْرِضُ ٱللَّهَ قَرْضًا حَسَنًا فَيُضَٰعِفَهُۥ لَهُۥ وَلَهُۥٓ أَجْرٌ كَرِيمٌ ﴿١١﴾

kanyang kapakinabangan, gayundin naman ay tatanggap pa siya nang masaganang gantimpala (alalaong baga, ang Paraiso).

يَوْمَ تَرَى ٱلْمُؤْمِنِينَ وَٱلْمُؤْمِنَٰتِ يَسْعَىٰ نُورُهُم بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَبِأَيْمَٰنِهِم بُشْرَىٰكُمُ ٱلْيَوْمَ جَنَّٰتٌ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَا ۚ ذَٰلِكَ هُوَ ٱلْفَوْزُ ٱلْعَظِيمُ ﴿١٢﴾

12. Sa Araw na inyong mapagmamasdan ang mga nananampalatayang lalaki at mga nananampalatayang babae, kung paano ang kanilang Liwanag ay gumagalaw sa kanilang harapan at sa kanilang kanang kamay. (Ang kanilang pagbati ay ito): "Magandang balita sa inyo sa araw na ito! Mga Halamanan na sa ibaba nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), upang manirahan dito magpakailanman! Katotohanang ito ang Pinakadakilang Tagumpay!"

يَوْمَ يَقُولُ ٱلْمُنَٰفِقُونَ وَٱلْمُنَٰفِقَٰتُ لِلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱنظُرُونَا نَقْتَبِسْ مِن نُّورِكُمْ قِيلَ ٱرْجِعُوا۟ وَرَآءَكُمْ فَٱلْتَمِسُوا۟ نُورًا ۖ فَضُرِبَ بَيْنَهُم بِسُورٍ لَّهُۥ بَابٌۢ بَاطِنُهُۥ فِيهِ ٱلرَّحْمَةُ وَظَٰهِرُهُۥ مِن قِبَلِهِ ٱلْعَذَابُ ﴿١٣﴾

13. Sa Araw na ang mga mapagkunwaring lalaki at babae ay magsasabi sa mga nananampalataya: "Inyong hintayin kami! Kami ay hayaan ninyo na humiram (ng liwanag) mula sa inyong Liwanag!" At sa kanila ay ipagbabadya: "Magsibalik kayo sa inyong likuran! At kayo ay magsihanap ng liwanag! Kaya't isang dingding ang itititindig sa pagitan nila na rito ay may tarangkahan. Sa loob nito ay naroroon ang walang maliw na Habag, at sa labas nito ay naroroon ang Kaparusahan!"

يُنَادُونَهُمْ أَلَمْ نَكُن مَّعَكُمْ ۖ قَالُوا۟ بَلَىٰ وَلَٰكِنَّكُمْ فَتَنتُمْ أَنفُسَكُمْ وَتَرَبَّصْتُمْ وَٱرْتَبْتُمْ وَغَرَّتْكُمُ ٱلْأَمَانِىُّ حَتَّىٰ جَآءَ أَمْرُ ٱللَّهِ وَغَرَّكُم بِٱللَّهِ ٱلْغَرُورُ ﴿١٤﴾

14. (Sila na mapagkunwari) ay magsisitawag (sa mga sumasampalataya): "Kami ba ay hindi ninyo kasama"? Ang mga sumasampalataya ay sasagot: "Tunay nga! Subalit hinayaan ninyo ang inyong sarili na mabulid sa tukso; kayo ay naghintay sa aming kapahamakan; kayo ay nag-agam-agam (sa pangako ni Allah); at ang inyong (huwad) na pagnanasa ang luminlang sa inyo; hanggang ang Pag-uutos ni Allah ay ipatupad. At ang Punong Manlilinlang (Satanas) ang dumaya sa inyo tungkol kay Allah.

فَٱلْيَوْمَ لَا يُؤْخَذُ مِنكُمْ فِدْيَةٌ وَلَا مِنَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ ۚ مَأْوَىٰكُمُ ٱلنَّارُ ۖ هِىَ مَوْلَىٰكُمْ ۖ وَبِئْسَ ٱلْمَصِيرُ ﴿١٥﴾

15. Kaya't sa Araw na ito, walang pantubos ang tatanggapin sa inyo (na mga mapagkunwari), gayundin sa mga hindi nanampalataya kay Allah (sa Kanyang Kaisahan). Ang inyong tahanan ay Apoy. Ito ang angkop na lugar para sa inyo at tunay namang (ito) ay isang masamang patutunguhan!"

16. Hindi pa ba dumatal ang panahon sa puso ng mga sumasampalataya na magkaroon ng pangamba (at takot) sa pag-aala-ala kay Allah, at gayundin sa katotohanan na ipinahayag ni Allah (ang Qur'an), katulad ng mga tao na pinagpahayagan ng Kasulatan noon pang una (ang *Torah* [mga Batas] at Ebanghelyo, alalaong baga ang mga Hudyo at Kristiyano), gayunman, marami nang panahon ang nalagas at ang kanilang puso ay lumaki at tumigas? At marami sa kanila ang mga mapaghimagsik (at palasuway kay Allah).

۞ أَلَمْ يَأْنِ لِلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ أَن تَخْشَعَ قُلُوبُهُمْ لِذِكْرِ ٱللَّهِ وَمَا نَزَلَ مِنَ ٱلْحَقِّ وَلَا يَكُونُوا۟ كَٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ مِن قَبْلُ فَطَالَ عَلَيْهِمُ ٱلْأَمَدُ فَقَسَتْ قُلُوبُهُمْ ۖ وَكَثِيرٌ مِّنْهُمْ فَٰسِقُونَ ﴿١٦﴾

17. Dapat ninyong maalaman na si Allah ang nagbibigay ng buhay sa patay na lupa (kalupaan na naging tigang)! Aming ginawa sa inyo na maging maliwanag ang *Ayat* (mga tanda, katibayan, aral, kapahayagan, atbp.); marahil kayo ay makakaunawa.

ٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ يُحْىِ ٱلْأَرْضَ بَعْدَ مَوْتِهَا ۚ قَدْ بَيَّنَّا لَكُمُ ٱلْءَايَٰتِ لَعَلَّكُمْ تَعْقِلُونَ ﴿١٧﴾

18. Katotohanang sa mga nagkakaloob ng kawanggawa, lalaki man o babae, at nagpapautang kay Allah nang magandang pautang, ito ay (Kanyang) pag-iibayuhin nang marami (sa kanilang kapakinabangan), at gayundin, sila ay tatanggap nang saganang gantimpala (alalaong baga, ang Paraiso).

إِنَّ ٱلْمُصَّدِّقِينَ وَٱلْمُصَّدِّقَٰتِ وَأَقْرَضُوا۟ ٱللَّهَ قَرْضًا حَسَنًا يُضَٰعَفُ لَهُمْ وَلَهُمْ أَجْرٌ كَرِيمٌ ﴿١٨﴾

19. At sa mga nananampalataya kay Allah (sa Kanyang Kaisahan) at (naniniwala) sa Kanyang mga Sugo, sila ang matatapat na tagasunod ng mga Propeta, at mga Martir sa Paningin ng kanilang Panginoon, sasakanila ang kanilang Gantimpala at kanilang Liwanag. At sila na nagtatakwil kay Allah (sa Kanyang Kaisahan) at nagtatatwa ng Aming *Ayat* (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral), sila ang mga kasamahan ng Apoy ng Impiyerno.

وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ بِٱللَّهِ وَرُسُلِهِۦٓ أُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلصِّدِّيقُونَ ۖ وَٱلشُّهَدَآءُ عِندَ رَبِّهِمْ لَهُمْ أَجْرُهُمْ وَنُورُهُمْ ۖ وَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَكَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَآ أُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلْجَحِيمِ ﴿١٩﴾

20. Dapat ninyong maalamang lahat na ang buhay sa mundong ito ay isa lamang laro at pampalipas-oras, isang pagpaparangalan sa gayak at tampok na pangangalandakan sa lipon ninyo at pagpaparami (sa pagpapaligsahan) ng inyong sarili sa mga kayamanan at mga anak. Narito ang isang paghahalintulad: Kung paano ang ulan at pagtubo (ng halaman) ay nagbibigay

ٱعْلَمُوٓا۟ أَنَّمَا ٱلْحَيَوٰةُ ٱلدُّنْيَا لَعِبٌ وَلَهْوٌ وَزِينَةٌ وَتَفَاخُرٌۢ بَيْنَكُمْ وَتَكَاثُرٌ فِى ٱلْأَمْوَٰلِ وَٱلْأَوْلَٰدِ ۖ كَمَثَلِ غَيْثٍ أَعْجَبَ ٱلْكُفَّارَ نَبَاتُهُۥ ثُمَّ يَهِيجُ فَتَرَىٰهُ مُصْفَرًّا ثُمَّ يَكُونُ حُطَٰمًا ۖ وَفِى ٱلْءَاخِرَةِ عَذَابٌ شَدِيدٌ وَمَغْفِرَةٌ

ng sigla sa (puso) ng mga magsasaka; hindi magtatagal ito ay malalanta at pagkatapos ay inyong makikita na ito ay naninilaw, at magiging tuyo at malalansag. Datapuwa't sa Kabilang Buhay ay mayroong isang Malupit na Kaparusahan, at Kapatawaran mula kay Allah at (Kanyang) pagkalugod (sa mga nananampalataya). At ang buhay sa mundong ito ay isa lamang mapanglinlang na pagsasaya.

مِّنَ ٱللَّهِ وَرِضْوَٰنٌ ۚ وَمَا ٱلْحَيَوٰةُ ٱلدُّنْيَآ إِلَّا مَتَٰعُ ٱلْغُرُورِ ﴿٢٠﴾

21. Magpaligsahan kayo (tungo) sa Kapatawaran ng inyong Panginoon (Allah) at tungo sa Halamanan ng Kaligayahan (Paraiso) na ang lapad nito ay kasinglawak ng kalangitan at kalupaan na inihanda sa mga sumasampalataya kay Allah at (naniniwala) sa Kanyang mga Sugo. Ito ang Biyaya ni Allah na ipinagkaloob Niya sa sinumang Kanyang maibigan, at si Allah ang Panginoon ng mga Biyayang Walang Pagmamaliw.

سَابِقُوٓا۟ إِلَىٰ مَغْفِرَةٍ مِّن رَّبِّكُمْ وَجَنَّةٍ عَرْضُهَا كَعَرْضِ ٱلسَّمَآءِ وَٱلْأَرْضِ أُعِدَّتْ لِلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ بِٱللَّهِ وَرُسُلِهِۦ ۚ ذَٰلِكَ فَضْلُ ٱللَّهِ يُؤْتِيهِ مَن يَشَآءُ ۚ وَٱللَّهُ ذُو ٱلْفَضْلِ ٱلْعَظِيمِ ﴿٢١﴾

22. Walang masamang pangyayari ang magaganap dito sa kalupaan at sa inyong sarili (kaluluwa), maliban na ito ay naitala sa Aklat ng Tadhana (*Al Lauh Al Mahfouz*), bago pa Namin pinapangyari ang magaganap. Katotohanang ito ay lubhang magaan kay Allah (alalaong baga, ang *Qadar* [kasasapitan]).

مَآ أَصَابَ مِن مُّصِيبَةٍ فِى ٱلْأَرْضِ وَلَا فِىٓ أَنفُسِكُمْ إِلَّا فِى كِتَٰبٍ مِّن قَبْلِ أَن نَّبْرَأَهَآ ۚ إِنَّ ذَٰلِكَ عَلَى ٱللَّهِ يَسِيرٌ ﴿٢٢﴾

23. Upang kayo ay hindi mahapis sa mga bagay na nabigo ninyong kamtin, gayundin naman, ay huwag maging mapagmataas sa mga biyayang ipinagkaloob sa inyo. At si Allah ay hindi nagmamahal sa mga mayayabang na batbat ng pagmamataas,

لِّكَيْلَا تَأْسَوْا۟ عَلَىٰ مَا فَاتَكُمْ وَلَا تَفْرَحُوا۟ بِمَآ ءَاتَىٰكُمْ ۗ وَٱللَّهُ لَا يُحِبُّ كُلَّ مُخْتَالٍ فَخُورٍ ﴿٢٣﴾

24. (At sila) na mga kuripot na nanghihikayat sa mga tao na maging kuripot. At sinuman ang tumalikod (sa Pananalig kay Allah), katotohanang si Allah ay Tigib ng Kasaganaan (walang pangangailangan sa iba), at Karapat-dapat sa Lahat ng Pagpupuri.

ٱلَّذِينَ يَبْخَلُونَ وَيَأْمُرُونَ ٱلنَّاسَ بِٱلْبُخْلِ ۗ وَمَن يَتَوَلَّ فَإِنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلْغَنِىُّ ٱلْحَمِيدُ ﴿٢٤﴾

25. Katotohanang isinugo Namin (noon pa) ang Aming mga Sugo na may Maliwanag na mga Katibayan, at ipinadala Namin sa kanila ang Kasulatan at Timbangan (ng Matuwid at Mali), upang ang mga tao ay magsitindig sa katarungan.

لَقَدْ أَرْسَلْنَا رُسُلَنَا بِٱلْبَيِّنَٰتِ وَأَنزَلْنَا مَعَهُمُ ٱلْكِتَٰبَ وَٱلْمِيزَانَ لِيَقُومَ ٱلنَّاسُ بِٱلْقِسْطِ ۖ وَأَنزَلْنَا ٱلْحَدِيدَ فِيهِ بَأْسٌ شَدِيدٌ

وَمَنَٰفِعُ لِلنَّاسِ وَلِيَعْلَمَ ٱللَّهُ مَن يَنصُرُهُۥ وَرُسُلَهُۥ بِٱلْغَيْبِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ قَوِىٌّ عَزِيزٌ ﴿٢٥﴾

At inilabas Namin ang Bakal, na naririto ang malaking lakas (sa pakikipaglaban, alalaong baga, ang *Jihad* [maka-Diyos na pakikipaglaban]; siya na namatay sa *Jihad* para sa Kapakanan ni Allah ay papasok sa Paraiso), gayundin naman nang maraming kapakinabangan sa sangkatauhan, upang masubukan ni Allah kung sino ang tutulong nang lingid sa Kanya (sa Kanyang Relihiyon), at sa Kanyang mga Sugo. Katotohanang si Allah ay Ganap na Malakas, ang Sukdol sa Kapangyarihan.

وَلَقَدْ أَرْسَلْنَا نُوحًا وَإِبْرَٰهِيمَ وَجَعَلْنَا فِى ذُرِّيَّتِهِمَا ٱلنُّبُوَّةَ وَٱلْكِتَٰبَ ۖ فَمِنْهُم مُّهْتَدٍ ۖ وَكَثِيرٌ مِّنْهُمْ فَٰسِقُونَ ﴿٢٦﴾

26. At tunay na isinugo Namin si Noah at Abraham, at itinatag Namin sa kanilang lahi ang pagka-Propeta at Kapahayagan, ang ilan sa kanila ay nasa tamang patnubay, datapuwa't ang karamihan sa kanila ay mga mapaghimagsik (at palasuway kay Allah).

ثُمَّ قَفَّيْنَا عَلَىٰٓ ءَاثَٰرِهِم بِرُسُلِنَا وَقَفَّيْنَا بِعِيسَى ٱبْنِ مَرْيَمَ وَءَاتَيْنَٰهُ ٱلْإِنجِيلَ ۙ وَجَعَلْنَا فِى قُلُوبِ ٱلَّذِينَ ٱتَّبَعُوهُ رَأْفَةً وَرَحْمَةً ۚ وَرَهْبَانِيَّةً ٱبْتَدَعُوهَا مَا كَتَبْنَٰهَا عَلَيْهِمْ إِلَّا ٱبْتِغَآءَ رِضْوَٰنِ ٱللَّهِ فَمَا رَعَوْهَا حَقَّ رِعَايَتِهَا ۖ فَـَٔاتَيْنَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مِنْهُمْ أَجْرَهُمْ ۖ وَكَثِيرٌ مِّنْهُمْ فَٰسِقُونَ ﴿٢٧﴾

27. (At sa kanilang pagsasayang ng oras) ay isinugo Namin sa kanila ang iba pang mga Sugo. Aming isinugo sa kanila si Hesus, ang anak ni Maria, at ibinigay Namin sa kanya ang Ebanghelyo, at itinalaga Namin sa puso ng mga sumusunod sa kanya ang Aming Pagkalinga at Habag. Datapuwa't ang hindi pag-aasawa na itinalaga nila sa kanilang sarili (na walang batayan); ito ay hindi Namin iginawad sa kanila, subalit (ito ay pinaghanap) lamang nila upang bigyang-lugod si Allah sa pamamagitan nito; nguni't hindi nila ito ginanap sa nararapat na pagganap. Kaya't ipinagkaloob Namin sa mga sumasampalataya sa lipon nila ang kanilang (laang) gantimpala, subalit ang karamihan sa kanila ay mapaghimagsik (at palasuway kay Allah).

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَءَامِنُوا۟ بِرَسُولِهِۦ يُؤْتِكُمْ كِفْلَيْنِ مِن رَّحْمَتِهِۦ وَيَجْعَل لَّكُمْ نُورًا تَمْشُونَ بِهِۦ وَيَغْفِرْ لَكُمْ ۚ وَٱللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٢٨﴾

28. O kayong nananalig (kay Moises [mga Hudyo] at kay Hesus [mga Kristiyano])! Pangambahan ninyo si Allah at manalig din kayo sa Kanyang Sugo (Muhammad). Ipagkakaloob Niya sa inyo ang dalawang bahagi ng Kanyang Habag at ipagkakaloob Niya sa inyo ang isang Liwanag na inyong malalakaran (nang matuwid), at patatawarin Niya ang (inyong mga kasalanan), at si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

لِّئَلَّا يَعْلَمَ أَهْلُ ٱلْكِتَٰبِ أَلَّا يَقْدِرُونَ عَلَىٰ شَىْءٍ مِّن فَضْلِ ٱللَّهِ وَأَنَّ ٱلْفَضْلَ بِيَدِ ٱللَّهِ يُؤْتِيهِ مَن يَشَآءُ ۚ وَٱللَّهُ ذُو ٱلْفَضْلِ ٱلْعَظِيمِ ﴿٢٩﴾

29. Upang mapag-alaman ng Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano), na wala silang anupamang kapangyarihan na higit sa mga Biyaya ni Allah, at ang (Kanyang) Biyaya ay (ganap) na nasa Kanyang Kamay, na Kanyang igagawad sa sinumang Kanyang maibigan sapagkat si Allah ang Panginoon ng Nag-uumapaw na Biyaya.

سُورَةُ المُجَادِلَة

Surah 58

Surat Al-Mujadilah
(Ang Babae na Nagsusumamo)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

قَدْ سَمِعَ ٱللَّهُ قَوْلَ ٱلَّتِى تُجَٰدِلُكَ فِى زَوْجِهَا وَتَشْتَكِىٓ إِلَى ٱللَّهِ وَٱللَّهُ يَسْمَعُ تَحَاوُرَكُمَآ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ سَمِيعٌۢ بَصِيرٌ ﴿١﴾

1. Katotohanang si Allah ay nakarinig ng pangungusap ng isang babae (na si Khaula bint Tha'laba) na nakikipagtalo sa iyo (O Muhammad) tungkol sa kanyang asawa (Aus bin As-Samit), at tuwiran niyang iniluhog (sa panalangin) ang kanyang daing kay Allah. At si Allah ang nakakarinig ng inyong usapan, sapagkat si Allah ang Nakakarinig at Nakamamasid.

ٱلَّذِينَ يُظَٰهِرُونَ مِنكُم مِّن نِّسَآئِهِم مَّا هُنَّ أُمَّهَٰتِهِمْ ۖ إِنْ أُمَّهَٰتُهُمْ إِلَّا ٱلَّٰٓـِٔى وَلَدْنَهُمْ ۚ وَإِنَّهُمْ لَيَقُولُونَ مُنكَرًا مِّنَ ٱلْقَوْلِ وَزُورًا ۚ وَإِنَّ ٱللَّهَ لَعَفُوٌّ غَفُورٌ ﴿٢﴾

2. Kung sinuman sa inyong kalalakihan ang nais na (makipaghiwalay) sa inyong asawa sa pagpapahayag ng *Zihar* (ang pagsasabi ng lalaki sa kanyang asawa: "Ikaw [babae] ay katulad ng likod ng aking ina", alalaong baga, hindi marapat sa akin na sipingan ka), sila ay hindi maaari (dahilan sa gayong pagpapahayag) na kanilang maging ina. Wala silang ina maliban sa (babae) na nagsilang sa kanila. At katotohanang sila ay gumagamit ng mga salita na walang galang at mali, katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapawalang-sala, ang Lagi nang Nagpapatawad.

وَٱلَّذِينَ يُظَٰهِرُونَ مِن نِّسَآئِهِمْ ثُمَّ يَعُودُونَ لِمَا

3. At sila na nagpahayag ng katagang *Zihar* sa kanilang mga asawa at matapos (ay nagnais) na

bawiin ang kanilang tinuran (upang mapawalang-bisa ang kanilang ipinahayag), kung gayon, (nararapat dito) na siya ay magpalaya ng isang alipin bago sila magsiping sa isa't isa. Ito ay isang pagpapaala-ala sa inyo (upang hindi na kayo magbalik sa hindi marapat na gawain). At si Allah ay Lubos na Nakababatid ng lahat ninyong ginagawa.

قَالُوا۟ فَتَحْرِيرُ رَقَبَةٍ مِّن قَبْلِ أَن يَتَمَآسَّا ۚ ذَٰلِكُمْ تُوعَظُونَ بِهِۦ ۚ وَٱللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ خَبِيرٌ ﴿٣﴾

4. At sinuman ang walang kakayahan (o walang salapi upang magpalaya ng isang alipin), ay marapat na mag-ayuno ng magkasunod na dalawang buwan bago sila magsiping sa isa't isa, at sinuman ang hindi makagawa nito, siya ay marapat na magpakain ng animnapung tao (na nanglilimos). Sa ganito ay maipapakita ninyo ang inyong ganap na Pananampalataya kay Allah at (paniniwala) sa Kanyang Sugo. Ito ang mga hangganan (na itinakda) ni Allah. At sa mga hindi sumasampalataya, sasakanila ang Kasakit-sakit na Kaparusahan.

فَمَن لَّمْ يَجِدْ فَصِيَامُ شَهْرَيْنِ مُتَتَابِعَيْنِ مِن قَبْلِ أَن يَتَمَآسَّا ۖ فَمَن لَّمْ يَسْتَطِعْ فَإِطْعَامُ سِتِّينَ مِسْكِينًا ۚ ذَٰلِكَ لِتُؤْمِنُوا۟ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ ۚ وَتِلْكَ حُدُودُ ٱللَّهِ ۗ وَلِلْكَٰفِرِينَ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٤﴾

5. Katotohanang sila na sumusuway sa (mga pag-uutos) ni Allah at ng Kanyang Sugo (Muhammad) ay maaaba, na katulad ng mga tao ng panahong sinauna na naaba, sapagkat ipinarating Namin ang Maliliwanag na *Ayat* (mga tanda, katibayan, kapahayagan, aral). At ang mga hindi sumasampalataya ay magkakamit ng Kaaba-abang Kaparusahan.

إِنَّ ٱلَّذِينَ يُحَآدُّونَ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ كُبِتُوا۟ كَمَا كُبِتَ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ ۚ وَقَدْ أَنزَلْنَآ ءَايَٰتٍۭ بَيِّنَٰتٍ ۚ وَلِلْكَٰفِرِينَ عَذَابٌ مُّهِينٌ ﴿٥﴾

6. Sa Araw na sila ay ibabangong muli ni Allah nang sama-sama (alalaong baga, sa Araw ng Muling Pagkabuhay) at ipangungusap sa kanila ang kanilang mga ginawa. Si Allah ang bumilang (umisa-isa) nito habang ito ay kanilang nakalimutan, sapagkat si Allah ang Saksi sa lahat ng bagay.

يَوْمَ يَبْعَثُهُمُ ٱللَّهُ جَمِيعًا فَيُنَبِّئُهُم بِمَا عَمِلُوٓا۟ ۚ أَحْصَىٰهُ ٱللَّهُ وَنَسُوهُ ۚ وَٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ شَهِيدٌ ﴿٦﴾

7. Hindi mo ba napagmamalas na si Allah ang nakababatid ng anupamang nasa kalangitan at kalupaan? Walang anumang lihim na pag-uusap ang tatlo na hindi Siya pang-apat (sa pamamagitan ng Kanyang Karunungan), gayundin naman ng lima, na hindi Siya pang-anim, gayundin kung kakaunti o marami, na hindi Siya kasama sa kanila (sa pamamagitan ng

أَلَمْ تَرَ أَنَّ ٱللَّهَ يَعْلَمُ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِى ٱلْأَرْضِ ۖ مَا يَكُونُ مِن نَّجْوَىٰ ثَلَٰثَةٍ إِلَّا هُوَ رَابِعُهُمْ وَلَا خَمْسَةٍ إِلَّا هُوَ سَادِسُهُمْ وَلَآ أَدْنَىٰ مِن ذَٰلِكَ وَلَآ أَكْثَرَ إِلَّا هُوَ مَعَهُمْ أَيْنَ مَا كَانُوا۟ ۖ ثُمَّ يُنَبِّئُهُم بِمَا عَمِلُوا۟ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ

Kanyang Karunungan) kahit saan pa mang lugar; at sa Araw ng Muling Pagkabuhay ay Kanyang ipangungusap sa kanila ang kanilang ginawa. Katotohanang si Allah ang Lubos na Nakakaalam sa lahat ng bagay.

بِكُلِّ شَيْءٍ عَلِيمٌ ﴿٧﴾

8. Napagmamasdan mo ba sila na pinagbawalan (na gumawa) nang mga lihim na pagsasanggunian, at pagkaraan ay muling nagbabalik doon sa mga bagay na ipinagbawal (sa kanila)? At sila ay nagdaraos nang mga lihim na pagsasanggunian sa kanilang sarili patungkol sa kasamaan at pagmamalupit at hindi pagsunod sa Sugo (Muhammad). At kung sila ay pumaparoon sa iyo, sila ay bumabati sa iyo ng gayong (salita) na hindi ginawa ni Allah na pagbati sa iyo (alalaong baga, ang mga Hudyo ay nagsasabi ng: "Ang kamatayan ay sumainyo" sa halip ng "Ang kapayapaan ay sumainyo"); at sila ay nagsasabi sa kanilang sarili: "Bakit hindi kami pinarurusahan ni Allah sa aming mga salita"? Sapat na sa kanila ang Impiyerno! Sila ay masusunog dito at tunay namang pagkasama-sama ang gayong hantungan!

أَلَمْ تَرَ إِلَى ٱلَّذِينَ نُهُوا۟ عَنِ ٱلنَّجْوَىٰ ثُمَّ يَعُودُونَ لِمَا نُهُوا۟ عَنْهُ وَيَتَنَٰجَوْنَ بِٱلْإِثْمِ وَٱلْعُدْوَٰنِ وَمَعْصِيَتِ ٱلرَّسُولِ وَإِذَا جَآءُوكَ حَيَّوْكَ بِمَا لَمْ يُحَيِّكَ بِهِ ٱللَّهُ وَيَقُولُونَ فِىٓ أَنفُسِهِمْ لَوْلَا يُعَذِّبُنَا ٱللَّهُ بِمَا نَقُولُ ۚ حَسْبُهُمْ جَهَنَّمُ يَصْلَوْنَهَا ۖ فَبِئْسَ ٱلْمَصِيرُ ﴿٨﴾

9. O kayong nagsisisampalataya! Kung kayo ay magdaraos nang lihim na pagsasanggunian, huwag ninyong gawin ito tungo sa kasamaan at kalupitan at pagsuway sa Sugo (Muhammad), bagkus ay mag-usap kayo tungkol sa kabutihan at kabanalan; at pangambahan ninyo si Allah, kayong lahat ay magbabalik sa Kanya sa pagtitipon.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِذَا تَنَٰجَيْتُمْ فَلَا تَتَنَٰجَوْا۟ بِٱلْإِثْمِ وَٱلْعُدْوَٰنِ وَمَعْصِيَتِ ٱلرَّسُولِ وَتَنَٰجَوْا۟ بِٱلْبِرِّ وَٱلتَّقْوَىٰ ۖ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ ٱلَّذِىٓ إِلَيْهِ تُحْشَرُونَ ﴿٩﴾

10. Katotohanan, ang mga lihim na pagsasanggunian (pagsasabwatan) ay mula kay Satanas, upang siya ay makapagdulot ng hapis sa mga sumasampalataya, at sila ay hindi niya (Satanas) mapipinsala kahit na katiting malibang pahintulutan ni Allah; at kay Allah lamang, hayaan ang mga sumasampalataya ay umasa.

إِنَّمَا ٱلنَّجْوَىٰ مِنَ ٱلشَّيْطَٰنِ لِيَحْزُنَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَلَيْسَ بِضَآرِّهِمْ شَيْـًٔا إِلَّا بِإِذْنِ ٱللَّهِ ۚ وَعَلَى ٱللَّهِ فَلْيَتَوَكَّلِ ٱلْمُؤْمِنُونَ ﴿١٠﴾

11. O kayong nagsisisampalataya! Kung kayo ay pinagsabihan na maglaan ng lugar sa mga pagtitipon, (magsikalat kayo) at magbigay ng

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِذَا قِيلَ لَكُمْ تَفَسَّحُوا۟ فِى ٱلْمَجَٰلِسِ فَٱفْسَحُوا۟ يَفْسَحِ ٱللَّهُ لَكُمْ ۖ وَإِذَا

puwang. Si Allah ang magkakaloob ng (sapat) na lugar sa inyo (mula sa Kanyang Habag). At kung kayo ay pagsabihan na tumindig, magsitindig kayo. Si Allah ang mag-aangat ng (akmang) hanay (at antas) sa inyo na sumasampalataya at sila na pinagkalooban ng karunungan. At si Allah ang Ganap na Nakababatid nang lahat ninyong ginagawa.

قِيلَ ٱنشُزُواْ فَٱنشُزُواْ يَرۡفَعِ ٱللَّهُ ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ مِنكُمۡ وَٱلَّذِينَ أُوتُواْ ٱلۡعِلۡمَ دَرَجَٰتٖۚ وَٱللَّهُ بِمَا تَعۡمَلُونَ خَبِيرٞ ١١

12. O kayong nagsisisampalataya! Kung kayo ay sasangguni (sa pribado o sarilinan) sa Sugo (Muhammad), gumugol kayo ng anuman sa kawanggawa bago ang inyong pribadong pagsangguni. Ito ay higit na makabubuti sa inyo at higit na dalisay (para sa inyo). Datapuwa't kung kayo ay hindi makatagpo (ng bagay na maibibigay), katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓاْ إِذَا نَٰجَيۡتُمُ ٱلرَّسُولَ فَقَدِّمُواْ بَيۡنَ يَدَيۡ نَجۡوَىٰكُمۡ صَدَقَةٗۚ ذَٰلِكَ خَيۡرٞ لَّكُمۡ وَأَطۡهَرُۚ فَإِن لَّمۡ تَجِدُواْ فَإِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٞ رَّحِيمٌ ١٢

13. Kayo baga ay nangangamba na gumugol sa kawanggawa bago ang inyong pribadong pagsangguni (sa kanya)! Magkagayunman, kung ito ay hindi ninyo nagawa at si Allah ay nagpatawad sa inyo, kung gayon (sa pinakamagaan na paraan), kayo ay mag-alay ng *Salah* (takdang pagdarasal) nang mahinusay; at magbigay ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa) at sundin ninyo si Allah at ang Kanyang Sugo. At si Allah ang Lubos na Nakababatid ng lahat ninyong ginagawa.

ءَأَشۡفَقۡتُمۡ أَن تُقَدِّمُواْ بَيۡنَ يَدَيۡ نَجۡوَىٰكُمۡ صَدَقَٰتٖۚ فَإِذۡ لَمۡ تَفۡعَلُواْ وَتَابَ ٱللَّهُ عَلَيۡكُمۡ فَأَقِيمُواْ ٱلصَّلَوٰةَ وَءَاتُواْ ٱلزَّكَوٰةَ وَأَطِيعُواْ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥۚ وَٱللَّهُ خَبِيرُۢ بِمَا تَعۡمَلُونَ ١٣

14. Hindi mo ba napagmamasdan (O Muhammad), sila na (mga mapagkunwari) na nakikipagkaibigan sa mga tao na umaani ng Pagkagalit ni Allah (alalaong baga, ang mga Hudyo)? Sila ay hindi kabilang sa inyo (na mga Muslim) at gayundin sila (na mga Hudyo), at sila ay sumusumpa sa kasinungalingan nang lantaran samantalang ito ay kanilang nalalaman.

۞ أَلَمۡ تَرَ إِلَى ٱلَّذِينَ تَوَلَّوۡاْ قَوۡمٗا غَضِبَ ٱللَّهُ عَلَيۡهِم مَّا هُم مِّنكُمۡ وَلَا مِنۡهُمۡ وَيَحۡلِفُونَ عَلَى ٱلۡكَذِبِ وَهُمۡ يَعۡلَمُونَ ١٤

15. Si Allah ay naghanda sa kanila ng kasakit-sakit na Kaparusahan. Katotohanang kabuktutan ang kanilang mga gawa.

أَعَدَّ ٱللَّهُ لَهُمۡ عَذَابٗا شَدِيدًاۖ إِنَّهُمۡ سَآءَ مَا كَانُواْ يَعۡمَلُونَ ١٥

16. Ginawa nila ang kanilang mga panunumpa bilang pantakip (sa kanilang mga kasinungalingan). Kaya't hinahadlangan nila ang mga tao tungo sa Landas ni Allah, at sa gayon, sila ay magkakamit ng Kaaba-abang Kaparusahan.

ٱتَّخَذُوٓاْ أَيۡمَٰنَهُمۡ جُنَّةٗ فَصَدُّواْ عَن سَبِيلِ ٱللَّهِ فَلَهُمۡ عَذَابٞ مُّهِينٞ ١٦

لَن تُغْنِيَ عَنْهُمْ أَمْوَٰلُهُمْ وَلَآ أَوْلَٰدُهُم مِّنَ ٱللَّهِ شَيْـًٔا ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلنَّارِ ۖ هُمْ فِيهَا خَٰلِدُونَ ﴿١٧﴾

17. Ang kanilang kayamanan, gayundin ang kanilang mga anak ay walang maidudulot sa kanila na anumang katuturan (tulong) laban kay Allah. Sila ang magiging kasamahan ng Apoy upang manahan dito magpakailanman!

يَوْمَ يَبْعَثُهُمُ ٱللَّهُ جَمِيعًا فَيَحْلِفُونَ لَهُۥ كَمَا يَحْلِفُونَ لَكُمْ ۖ وَيَحْسَبُونَ أَنَّهُمْ عَلَىٰ شَىْءٍ ۚ أَلَآ إِنَّهُمْ هُمُ ٱلْكَٰذِبُونَ ﴿١٨﴾

18. Sa Araw na sila ay ibabangong muli ni Allah nang sama-sama (upang magsulit), sa gayon, sila ay manunumpa sa Kanya na kagaya ng panunumpa nila sa inyo (mga Muslim). At sila ay nag-aakala na ito ay makatutulong sa kanila (tungo kay Allah). Katotohanang sila ay mga sinungaling!

ٱسْتَحْوَذَ عَلَيْهِمُ ٱلشَّيْطَٰنُ فَأَنسَىٰهُمْ ذِكْرَ ٱللَّهِ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ حِزْبُ ٱلشَّيْطَٰنِ ۚ أَلَآ إِنَّ حِزْبَ ٱلشَّيْطَٰنِ هُمُ ٱلْخَٰسِرُونَ ﴿١٩﴾

19. Si Satanas ang nangingibabaw sa kanila, kaya't kanyang ginawa na makaligtaan nila ang pag-aala-ala kay Allah. Sila nga ang pangkat ni Satanas! Katotohanan, ang pangkat ni Satanas ang magiging mga talunan!

إِنَّ ٱلَّذِينَ يُحَآدُّونَ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥٓ أُو۟لَٰٓئِكَ فِى ٱلْأَذَلِّينَ ﴿٢٠﴾

20. Sila na sumusuway sa (pag-uutos) ni Allah at ng Kanyang Sugo (Muhammad), sila nga ang magiging kaaba-aba.

كَتَبَ ٱللَّهُ لَأَغْلِبَنَّ أَنَا۠ وَرُسُلِىٓ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ قَوِىٌّ عَزِيزٌ ﴿٢١﴾

21. Si Allah ay nagtakda: "Katotohanang Ako at ang Aking mga Sugo ang mananaig." Katotohanang si Allah ang Lubos na Malakas, ang Sukdol sa Kapangyarihan.

لَّا تَجِدُ قَوْمًا يُؤْمِنُونَ بِٱللَّهِ وَٱلْيَوْمِ ٱلْءَاخِرِ يُوَآدُّونَ مَنْ حَآدَّ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ وَلَوْ كَانُوٓا۟ ءَابَآءَهُمْ أَوْ أَبْنَآءَهُمْ أَوْ إِخْوَٰنَهُمْ أَوْ عَشِيرَتَهُمْ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ كَتَبَ فِى قُلُوبِهِمُ ٱلْإِيمَٰنَ وَأَيَّدَهُم بِرُوحٍ مِّنْهُ ۖ وَيُدْخِلُهُمْ جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَا ۚ رَضِىَ ٱللَّهُ عَنْهُمْ وَرَضُوا۟ عَنْهُ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ حِزْبُ ٱللَّهِ ۚ أَلَآ إِنَّ حِزْبَ ٱللَّهِ هُمُ ٱلْمُفْلِحُونَ ﴿٢٢﴾

22. Ikaw (O Muhammad) ay hindi makakatagpo ng mga tao (pangkat) na sumasampalataya kay Allah at (naniniwala) sa Huling Araw, na magmamahal sa mga sumasalungat kay Allah at sa Kanyang Sugo (Muhammad), kahima't sila ay kanilang ama, o kanilang mga anak, o kanilang mga kapatid o kanilang mga kamag-anak. Sa kanila ay Kanyang isinulat (itinatag) ang Pananalig sa kanilang puso at (Kanyang) pinatibay sila sa (pamamagitan) ng lakas (mga katibayan, liwanag at tunay na patnubay) mula sa Kanya. At Kanyang tatanggapin sila sa mga Halamanan (Paraiso) na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy, upang manirahan dito (magpakailanman). Si Allah ay lubos na nalulugod sa kanila, at sila rin (ay nasisiyahan) sa Kanya. Sila nga ang pangkat ni Allah. Katotohanan, ang pangkat ni Allah ang magtatamasa ng Tagumpay.



Surah 59

Surat Al-Hashr
(Ang Pagtitipon)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ang lahat ng nasa kalangitan at kalupaan ay nagbubunyi ng mga pagpupuri at pagluwalhati kay Allah. At Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

سَبَّحَ لِلَّهِ مَا فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِي ٱلْأَرْضِ ۖ وَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿١﴾

2. Siya (Allah) ang nagtaboy sa mga hindi sumasampalataya sa lipon ng Angkan ng Kasulatan (alalaong baga, ang mga Hudyo ng *Bani An-Nadir*) mula sa kanilang mga tahanan sa unang pagtitipon. Kayo ay hindi nag-aakala na sila ay lalabas. At sila ay nag-akala na ang kanilang mga Tanggulan (Moog) ay makapagtatanggol sa kanila kay Allah! Datapuwa't ang (kaparusahan) ni Allah ay dumating sa kanila nang hindi nila inaasahan, at Siya ay nagpukol ng lagim (takot) sa kanilang puso, kaya't kanilang winasak ang kanilang mga tirahan sa pamamagitan ng kanilang mga kamay at ng mga kamay ng mga sumasampalataya. Kaya't inyong sundin ang Tagubilin, O kayong may mga mata (upang magmalas)!

هُوَ ٱلَّذِيٓ أَخْرَجَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِنْ أَهْلِ ٱلْكِتَٰبِ مِن دِيَٰرِهِمْ لِأَوَّلِ ٱلْحَشْرِ ۚ مَا ظَنَنتُمْ أَن يَخْرُجُوا۟ ۖ وَظَنُّوٓا۟ أَنَّهُم مَّانِعَتُهُمْ حُصُونُهُم مِّنَ ٱللَّهِ فَأَتَىٰهُمُ ٱللَّهُ مِنْ حَيْثُ لَمْ يَحْتَسِبُوا۟ ۖ وَقَذَفَ فِي قُلُوبِهِمُ ٱلرُّعْبَ يُخْرِبُونَ بُيُوتَهُم بِأَيْدِيهِمْ وَأَيْدِي ٱلْمُؤْمِنِينَ فَٱعْتَبِرُوا۟ يَٰٓأُو۟لِى ٱلْأَبْصَٰرِ ﴿٢﴾

3. At kung hindi lamang itinakda ni Allah na sila ay mapatapon, walang pagsalang sila ay parurusahan Niya sa mundong ito, at sa Kabilang Buhay ay katiyakang sasakanila ang Kaparusahan ng Apoy.

وَلَوْلَآ أَن كَتَبَ ٱللَّهُ عَلَيْهِمُ ٱلْجَلَآءَ لَعَذَّبَهُمْ فِي ٱلدُّنْيَا ۖ وَلَهُمْ فِي ٱلْءَاخِرَةِ عَذَابُ ٱلنَّارِ ﴿٣﴾

4. Ito'y sa dahilang sila ay sumalungat kay Allah at sa Kanyang Sugo (Muhammad). At sinuman ang sumalungat kay Allah, katotohanang si Allah ay Mahigpit sa Kaparusahan.

ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ شَآقُّوا۟ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ ۖ وَمَن يُشَآقِّ ٱللَّهَ فَإِنَّ ٱللَّهَ شَدِيدُ ٱلْعِقَابِ ﴿٤﴾

5. (O mga Muslim), ang anumang pinutol ninyo na punong palmera (ng inyong kaaway), o

مَا قَطَعْتُم مِّن لِّينَةٍ أَوْ تَرَكْتُمُوهَا قَآئِمَةً

عَلَىٰٓ أُصُولِهَا فَبِإِذْنِ ٱللَّهِ وَلِيُخْزِىَ ٱلْفَٰسِقِينَ ﴿٥﴾

yaong inyong hinayaan na nakatayo sa kanilang mga ugat, ito ay sa kagustuhan ni Allah, upang Kanyang mabigyan ng kahihiyan ang mga mapaghimagsik (at palasuway kay Allah).

وَمَآ أَفَآءَ ٱللَّهُ عَلَىٰ رَسُولِهِۦ مِنْهُمْ فَمَآ أَوْجَفْتُمْ عَلَيْهِ مِنْ خَيْلٍ وَلَا رِكَابٍ وَلَٰكِنَّ ٱللَّهَ يُسَلِّطُ رُسُلَهُۥ عَلَىٰ مَن يَشَآءُ ۚ وَٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿٦﴾

6. At anuman ang ipagkaloob ni Allah na Labi ng Digmaan (*Fai*) sa Kanyang Sugo (Muhammad) mula sa kanila, hindi kayo ang nag-udyok nito (sa isang ekspedisyon [paglalakbay na may hangarin]) sa (pamamagitan) ng anumang kabayo o kamelyo. Datapuwa't si Allah ang nagkakaloob ng kapangyarihan sa Kanyang mga Sugo nang higit sa sinumang Kanyang maibigan. At si Allah ay may Ganap na Kapangyarihan sa lahat ng bagay.

مَّآ أَفَآءَ ٱللَّهُ عَلَىٰ رَسُولِهِۦ مِنْ أَهْلِ ٱلْقُرَىٰ فَلِلَّهِ وَلِلرَّسُولِ وَلِذِى ٱلْقُرْبَىٰ وَٱلْيَتَٰمَىٰ وَٱلْمَسَٰكِينِ وَٱبْنِ ٱلسَّبِيلِ كَىْ لَا يَكُونَ دُولَةًۢ بَيْنَ ٱلْأَغْنِيَآءِ مِنكُمْ ۚ وَمَآ ءَاتَىٰكُمُ ٱلرَّسُولُ فَخُذُوهُ وَمَا نَهَىٰكُمْ عَنْهُ فَٱنتَهُوا۟ ۚ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ ۖ إِنَّ ٱللَّهَ شَدِيدُ ٱلْعِقَابِ ﴿٧﴾

7. Kung anuman ang ipinagkaloob ni Allah na Labi ng Digmaan (*Fai*) sa Kanyang Sugo (Muhammad), na mula sa mga tao ng mga bayan, - ito ay pag-aari ni Allah, ng Kanyang Sugo (Muhammad), ng mga kamag-anak (ng Sugong si Muhammad), ng mga ulila, ng mga nangangailangan na nagpapalimos, at mga naglalakbay (na kinapos ng panustos), upang ito ay hindi maging isang kayamanan na nagpapasalin-salin sa mga mayayaman sa inyong lipon. Kaya't inyong sundin (o kunin) ang anumang ipinarating (o ipinag-utos) ng Sugo (Muhammad) sa inyo, at anuman ang (kanyang) ipagbawal sa inyo, ito ay inyong iwasan (o itigil), at pangambahan (ninyo) si Allah. Katotohanang si Allah ay Mahigpit sa Kaparusahan.

لِلْفُقَرَآءِ ٱلْمُهَٰجِرِينَ ٱلَّذِينَ أُخْرِجُوا۟ مِن دِيَٰرِهِمْ وَأَمْوَٰلِهِمْ يَبْتَغُونَ فَضْلًا مِّنَ ٱللَّهِ وَرِضْوَٰنًا وَيَنصُرُونَ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥٓ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلصَّٰدِقُونَ ﴿٨﴾

8. (At mayroon ding bahagi sa Labi ng Digmaan) ang mga mahihirap na *Muhajir* (mga nagsilikas), na itinaboy sa kani-kanilang tirahan at mga ari-arian, habang sila ay naghahanap ng mga biyaya mula kay Allah at upang mabigyang-kasiyahan Siya, at tumulong kay Allah at sa Kanyang Sugo (Muhammad). Katotohanang sila ang mga matatapat (sa kanilang sinasabi).

وَٱلَّذِينَ تَبَوَّءُو ٱلدَّارَ وَٱلْإِيمَٰنَ مِن قَبْلِهِمْ يُحِبُّونَ مَنْ هَاجَرَ إِلَيْهِمْ وَلَا يَجِدُونَ فِى

9. At (gayundin) para sa kanila na nakapirmi na sa Tahanan (alalaong baga, ang mga *Ansar* sa Al-Madinah) na (nagsiyakap) na sa Pananampalataya bago pa ang kanilang

(pagdating doon para manuluyan), at minamahal nila yaong nagsilikas sa kanila, at sila ay walang paninibugho sa kanilang puso sa anumang ibinigay sa kanila (mula sa Labi ng Digmaan ng *Bani An-Nadir*), bagkus sila ay nagbigay (sa kanila) nang higit na pagkiling (o pagtatangi) kaysa sa kanilang sarili. At kung sinuman ang ligtas sa kanyang sariling kasakiman, sila nga ang tunay na magkakamit ng kasaganaan at tagumpay.

صُدُورِهِمْ حَاجَةً مِّمَّآ أُوتُوا۟ وَيُؤْثِرُونَ عَلَىٰٓ أَنفُسِهِمْ وَلَوْ كَانَ بِهِمْ خَصَاصَةٌ ۚ وَمَن يُوقَ شُحَّ نَفْسِهِۦ فَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْمُفْلِحُونَ ﴿٩﴾

10. At yaong mga dumating pagkaraan nila ay nagsasabi: "Aming Panginoon! Inyong patawarin kami at ang aming mga kapatid na nangauna sa amin sa Pananampalataya, at huwag Ninyong ilagay sa aming puso ang damdamin ng pagkamuhi at pamiminsala sa mga sumasampalataya. Aming Panginoon! Katotohanang Kayo ay Tigib ng Kabaitan, ang Pinakamaawain".

وَٱلَّذِينَ جَآءُو مِنۢ بَعْدِهِمْ يَقُولُونَ رَبَّنَا ٱغْفِرْ لَنَا وَلِإِخْوَٰنِنَا ٱلَّذِينَ سَبَقُونَا بِٱلْإِيمَٰنِ وَلَا تَجْعَلْ فِى قُلُوبِنَا غِلًّا لِّلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ رَبَّنَآ إِنَّكَ رَءُوفٌ رَّحِيمٌ ﴿١٠﴾

11. Hindi mo ba napagmamasdan (O Muhammad) ang mga mapagkunwari na nagsasabi sa kanilang mga kaibigan mula sa lipon ng Angkan ng Kasulatan na hindi nananampalataya: "Katotohanan, kung kayo ay ipatapon, kami (rin) ay tunay na sasama sa inyo at hindi namin susundin ang sinuman na laban sa inyo, at kung kayo ay lusubin (sa pakikipaglaban), katiyakang kami ay tutulong sa inyo". Datapuwa't si Allah ang Saksi na sila ay tunay na mga sinungaling.

۞ أَلَمْ تَرَ إِلَى ٱلَّذِينَ نَافَقُوا۟ يَقُولُونَ لِإِخْوَٰنِهِمُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِنْ أَهْلِ ٱلْكِتَٰبِ لَئِنْ أُخْرِجْتُمْ لَنَخْرُجَنَّ مَعَكُمْ وَلَا نُطِيعُ فِيكُمْ أَحَدًا أَبَدًا وَإِن قُوتِلْتُمْ لَنَنصُرَنَّكُمْ وَٱللَّهُ يَشْهَدُ إِنَّهُمْ لَكَٰذِبُونَ ﴿١١﴾

12. Katiyakang kung sila (na mga Hudyo) ay ipatapon, kailanman (ang mga mapagkunwari) ay hindi sasama sa kanila, at kung sila ay lusubin (sa pakikipaglaban), kailanman ay hindi sila tutulong sa kanila. At kung sila ay tumulong sa kanila, sila (na mga mapagkunwari) ay tatalikod sa kanila; at matapos (pagkaraan nito) sila ay hindi tutulungan.

لَئِنْ أُخْرِجُوا۟ لَا يَخْرُجُونَ مَعَهُمْ وَلَئِن قُوتِلُوا۟ لَا يَنصُرُونَهُمْ وَلَئِن نَّصَرُوهُمْ لَيُوَلُّنَّ ٱلْأَدْبَٰرَ ثُمَّ لَا يُنصَرُونَ ﴿١٢﴾

13. Katotohanang kayo (na mga sumasampalataya) ay higit na nagdudulot ng pangamba sa kanilang (mga Hudyo ng *Bani An-Nadir*) puso kaysa (sa pangamba) kay Allah. Ito'y sa dahilang sila ay mga tao na hindi marunong

لَأَنتُمْ أَشَدُّ رَهْبَةً فِى صُدُورِهِم مِّنَ ٱللَّهِ ۚ ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ قَوْمٌ لَّا يَفْقَهُونَ ﴿١٣﴾

makaunawa (sa Kamahalan at Kapangyarihan ni Allah).

لَا يُقَٰتِلُونَكُمْ جَمِيعًا إِلَّا فِى قُرًى مُّحَصَّنَةٍ أَوْ مِن وَرَآءِ جُدُرٍۭ ۚ بَأْسُهُم بَيْنَهُمْ شَدِيدٌ ۚ تَحْسَبُهُمْ جَمِيعًا وَقُلُوبُهُمْ شَتَّىٰ ۚ ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ قَوْمٌ لَّا يَعْقِلُونَ ﴿١٤﴾

14. Kayo ay hindi nila lalabanan kahit na sila ay sama-sama, maliban sa loob nang matibay na mga bayan (alalaong baga, may sapat na Tanggulan o Moog), o kung nasa likod ng mga bakod. Ang pagkamuhi sa pagitan nila ay lubhang masigasig. Kung sila ay inyong titingnan ay aakalain ninyo na sila ay nagkakaisa, datapuwa't ang kanilang puso ay magkakahiwalay, sapagkat sila ay mga tao na hindi marunong umunawa.

كَمَثَلِ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ قَرِيبًا ذَاقُوا۟ وَبَالَ أَمْرِهِمْ وَلَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿١٥﴾

15. Sila ay katulad ng mga tao na kanilang sinundan (ang mga Hudyo ng *Bani Qainuqa* na nauna sa kanila, at nagdusa), at kanilang natikman ang dulot na kasamaan ng kanilang gawa, at (sa Kabilang Buhay) ay may nakalaan sa kanila na Kasakit-sakit na Kaparusahan.

كَمَثَلِ ٱلشَّيْطَٰنِ إِذْ قَالَ لِلْإِنسَٰنِ ٱكْفُرْ فَلَمَّا كَفَرَ قَالَ إِنِّى بَرِىٓءٌ مِّنكَ إِنِّىٓ أَخَافُ ٱللَّهَ رَبَّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿١٦﴾

16. (Ang kanilang mga kapanalig ay luminlang sa kanila) na katulad ni Satanas, nang siya ay magsulsol sa tao at magsabi: "Huwag kayong manampalataya kay Allah." Datapuwa't kung (ang tao) ay hindi manalig kay Allah, si Satanas ay nagsasabi: "Wala akong kinalaman sa iyo. Aking pinangangambahan si Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang!"

فَكَانَ عَٰقِبَتَهُمَآ أَنَّهُمَا فِى ٱلنَّارِ خَٰلِدَيْنِ فِيهَا ۚ وَذَٰلِكَ جَزَٰٓؤُا۟ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿١٧﴾

17. Kaya't ang kapwa nila kahihinatnan ay (pagkapariwara) sa Apoy, dito sila ay maninirahan magpakailanman. Ito ang kabayaran sa mga mapaggawa ng kamalian (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig kay Allah at sa Kanyang Kaisahan, tampalasan).

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ وَلْتَنظُرْ نَفْسٌ مَّا قَدَّمَتْ لِغَدٍ ۖ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ خَبِيرٌۢ بِمَا تَعْمَلُونَ ﴿١٨﴾

18. O kayong sumasampalataya! Pangambahan ninyo si Allah (at panatilihin ang inyong tungkulin sa Kanya), at hayaan ang bawat kaluluwa ay humanap kung ano ang inilaan nito sa kinabukasan. Tunay! Pangambahan ninyo si Allah. Katotohanang si Allah ang Ganap na Nakababatid ng lahat ninyong ginagawa.

وَلَا تَكُونُوا۟ كَٱلَّذِينَ نَسُوا۟ ٱللَّهَ فَأَنسَىٰهُمْ أَنفُسَهُمْ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْفَٰسِقُونَ ﴿١٩﴾

19. At huwag kayong tumulad sa kanila na nakalimot kay Allah (alalaong baga, naging palasuway kay Allah); at Kanyang pinapangyari

na malimutan nila ang kanilang sarili (ang makalimot sila na gumawa ng mabubuting gawa)! Sila nga ang mga mapaghimagsik (at palasuway kay Allah)!

لَا يَسْتَوِيٓ أَصْحَٰبُ ٱلنَّارِ وَأَصْحَٰبُ ٱلْجَنَّةِۚ أَصْحَٰبُ ٱلْجَنَّةِ هُمُ ٱلْفَآئِزُونَ ﴿٢٠﴾

20. Hindi magkatulad ang mga Kasamahan ng Apoy at mga Kasamahan ng Paraiso. Ang mga Kasamahan ng Paraiso ang magkakamit ng tagumpay.

لَوْ أَنزَلْنَا هَٰذَا ٱلْقُرْءَانَ عَلَىٰ جَبَلٍ لَّرَأَيْتَهُۥ خَٰشِعًا مُّتَصَدِّعًا مِّنْ خَشْيَةِ ٱللَّهِۚ وَتِلْكَ ٱلْأَمْثَٰلُ نَضْرِبُهَا لِلنَّاسِ لَعَلَّهُمْ يَتَفَكَّرُونَ ﴿٢١﴾

21. At kung Aming ipinanaog ang Qur'an sa (ibabaw ng) bundok, katotohanang iyong mapagmamasdan ito (bundok) na nangangayupapa (naaaba) at nalalansag sa pagkabiyak dahilan sa pangamba kay Allah. Ito ay isang paghahambing na Aming inihantad sa mga tao upang sila ay magsaalang-alang.

هُوَ ٱللَّهُ ٱلَّذِى لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَۖ عَٰلِمُ ٱلْغَيْبِ وَٱلشَّهَٰدَةِۖ هُوَ ٱلرَّحْمَٰنُ ٱلرَّحِيمُ ﴿٢٢﴾

22. Siya si Allah, *La ilaha illa Huwa* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), ang Lubos na Nakakaalam ng mga nakalingid at lantad. Siya ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain.

هُوَ ٱللَّهُ ٱلَّذِى لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ٱلْمَلِكُ ٱلْقُدُّوسُ ٱلسَّلَٰمُ ٱلْمُؤْمِنُ ٱلْمُهَيْمِنُ ٱلْعَزِيزُ ٱلْجَبَّارُ ٱلْمُتَكَبِّرُۚ سُبْحَٰنَ ٱللَّهِ عَمَّا يُشْرِكُونَ ﴿٢٣﴾

23. Siya si Allah, *La ilaha illa Huwa* (Wala ng iba pang diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), ang Hari, ang Banal, ang Perpekto (Walang Kasahulan at Kapintasan), ang Tagapagbigay ng Kapanatagan, ang Tagapagbantay (sa lahat ng Kanyang mga nilalang), ang Pinakamakapangyarihan, ang Tagapagpasunod, ang Kataas-taasan. Luwalhatiin si Allah! (Higit Siyang) mataas sa lahat ng kanilang iniaakibat na mga katambal sa Kanya.

هُوَ ٱللَّهُ ٱلْخَٰلِقُ ٱلْبَارِئُ ٱلْمُصَوِّرُۖ لَهُ ٱلْأَسْمَآءُ ٱلْحُسْنَىٰۚ يُسَبِّحُ لَهُۥ مَا فِى ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِۖ وَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٢٤﴾

24. Siya si Allah, ang Manlilikha, ang Pinagmulan ng lahat ng bagay, ang Tagapagkaloob ng mga Hubog. Siya ang nag-aangkin ng lahat ng Pinakamainam na Pangalan. Ang lahat ng nasa kalangitan at kalupaan ay lumuluwalhati sa Kanya. At Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.



Surah 60

Surat Al-Mumtahanah
(Ang Babae na Susuriin)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. O kayong sumasampalataya! Huwag ninyong ituring ang Aking mga kaaway at inyong mga kaaway bilang mga kaibigan, at nagpapakita kayo ng inyong pagkagiliw sa kanila, gayong sila ay nagsipagtakwil sa katotohanan na dumatal sa inyo (ang Qur'an), at nagtaboy sa Sugo (Muhammad) at sa inyo (mula sa inyong mga tahanan), sapagkat kayo ay nananampalataya kay Allah na inyong Panginoon! Kung kayo ay naparito na nagsisikap na makamtan ang Aking Daan at naghahanap ng Aking Kasiyahan (sila ay huwag ninyong tangkilikin bilang kaibigan). (Ang ilan sa inyo) ay nakikipag-usap nang lihim sa kanila bilang pakikipagkaibigan, samantalang Ako ang nakababatid nang lahat ninyong ikinukubli at lahat ninyong ipinapahayag. At sinuman sa inyo (mga Muslim) ang gumawa nito, katotohanang siya ay napaligaw (nang malayo) sa tuwid na landas.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَتَّخِذُوا۟ عَدُوِّى وَعَدُوَّكُمْ أَوْلِيَآءَ تُلْقُونَ إِلَيْهِم بِٱلْمَوَدَّةِ وَقَدْ كَفَرُوا۟ بِمَا جَآءَكُم مِّنَ ٱلْحَقِّ يُخْرِجُونَ ٱلرَّسُولَ وَإِيَّاكُمْ أَن تُؤْمِنُوا۟ بِٱللَّهِ رَبِّكُمْ إِن كُنتُمْ خَرَجْتُمْ جِهَٰدًا فِى سَبِيلِى وَٱبْتِغَآءَ مَرْضَاتِى ۚ تُسِرُّونَ إِلَيْهِم بِٱلْمَوَدَّةِ وَأَنَا۠ أَعْلَمُ بِمَآ أَخْفَيْتُمْ وَمَآ أَعْلَنتُمْ ۚ وَمَن يَفْعَلْهُ مِنكُمْ فَقَدْ ضَلَّ سَوَآءَ ٱلسَّبِيلِ ﴿١﴾

2. Kung sila ay magkamit ng pangingibabaw (sa kapamahalaan) sa inyo, sila ay (mag-aasal) sa inyo bilang inyong kaaway. At iunat nila ang kanilang mga kamay at kanilang dila laban sa inyo sa kasamaan, at sila ay maghahangad na kayo ay huwag manampalataya.

إِن يَثْقَفُوكُمْ يَكُونُوا۟ لَكُمْ أَعْدَآءً وَيَبْسُطُوٓا۟ إِلَيْكُمْ أَيْدِيَهُمْ وَأَلْسِنَتَهُم بِٱلسُّوٓءِ وَوَدُّوا۟ لَوْ تَكْفُرُونَ ﴿٢﴾

3. Sa Araw ng Paghuhukom, ang inyong mga kamag-anak at inyong mga anak ay walang magiging kapakinabangan sa inyo (laban kay Allah). Siya (Allah) ang hahatol sa pagitan ninyo sapagkat si Allah ay Lubos na Nakamamasid nang lahat ninyong ginagawa.

لَن تَنفَعَكُمْ أَرْحَامُكُمْ وَلَآ أَوْلَٰدُكُمْ ۚ يَوْمَ ٱلْقِيَٰمَةِ يَفْصِلُ بَيْنَكُمْ ۚ وَٱللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ بَصِيرٌ ﴿٣﴾

قَدْ كَانَتْ لَكُمْ أُسْوَةٌ حَسَنَةٌ فِىٓ إِبْرَٰهِيمَ وَٱلَّذِينَ مَعَهُۥٓ إِذْ قَالُوا۟ لِقَوْمِهِمْ إِنَّا بُرَءَٰٓؤُا۟ مِنكُمْ وَمِمَّا تَعْبُدُونَ مِن دُونِ ٱللَّهِ كَفَرْنَا بِكُمْ وَبَدَا بَيْنَنَا وَبَيْنَكُمُ ٱلْعَدَٰوَةُ وَٱلْبَغْضَآءُ أَبَدًا حَتَّىٰ تُؤْمِنُوا۟ بِٱللَّهِ وَحْدَهُۥٓ إِلَّا قَوْلَ إِبْرَٰهِيمَ لِأَبِيهِ لَأَسْتَغْفِرَنَّ لَكَ وَمَآ أَمْلِكُ لَكَ مِنَ ٱللَّهِ مِن شَىْءٍ ۖ رَّبَّنَا عَلَيْكَ تَوَكَّلْنَا وَإِلَيْكَ أَنَبْنَا وَإِلَيْكَ ٱلْمَصِيرُ ﴿٤﴾

4. Katotohanan, mayroong isang mabuting halimbawa ang makakamtan ninyo kay Abraham at sa kanyang mga kasama, nang sila ay mangusap sa kanilang mga tao: "Kami ay walang kinalaman sa inyo at sa inyong sinasamba maliban pa kay Allah, kami ay nagtakwil sa inyo, at dito nag-ugat ang lubusang pagkamuhi at pagkagalit namin sa inyo, hanggang sa kayo ay manampalataya kay Allah lamang", maliban sa naging pangungusap ni Abraham sa kanyang ama: "Katotohanang aking ipagdarasal kayo tungo sa inyong kapatawaran (mula kay Allah), bagama't wala akong kapangyarihan (na makakuha ng katiyakan) para sa inyong kapakanan mula kay Allah. (Sila ay nagsipanalangin:) "O Aming Panginoon! sa Inyo (lamang) kami nagtitiwala at sa Inyo (lamang) kami dumudulog sa pagsisisi, at sa Inyo (lamang) ang aming huling hantungan.

رَبَّنَا لَا تَجْعَلْنَا فِتْنَةً لِّلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَٱغْفِرْ لَنَا رَبَّنَآ ۖ إِنَّكَ أَنتَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٥﴾

5. "O Aming Panginoon! Huwag Ninyong ipahintulot na kami ay maging pagsubok sa mga hindi sumasampalataya (alalaong baga, kami ay mapangibabawan at hamakin ng mga hindi sumasampalataya), bagkus ay Inyong patawarin kami, O aming Panginoon! Katotohanang Kayo ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan".

لَقَدْ كَانَ لَكُمْ فِيهِمْ أُسْوَةٌ حَسَنَةٌ لِّمَن كَانَ يَرْجُوا۟ ٱللَّهَ وَٱلْيَوْمَ ٱلْءَاخِرَ ۚ وَمَن يَتَوَلَّ فَإِنَّ ٱللَّهَ هُوَ ٱلْغَنِىُّ ٱلْحَمِيدُ ﴿٦﴾

6. Katotohanan, mayroong isang mabuting halimbawa ang inyong makakamtan sa kanila (kay Abraham at sa kanyang mga kasamahan) para sa sinumang umaasa kay Allah at sa Huling Araw. Datapuwa't sinuman ang tumalikod, katotohanang si Allah ay hindi nangangailangan ng anupaman, at sa Kanyang lahat (nauukol) ang pagpupuri.

عَسَى ٱللَّهُ أَن يَجْعَلَ بَيْنَكُمْ وَبَيْنَ ٱلَّذِينَ عَادَيْتُم مِّنْهُم مَّوَدَّةً ۚ وَٱللَّهُ قَدِيرٌ ۚ وَٱللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٧﴾

7. Baka sakaling si Allah ay magkaloob ng pagmamahalan sa pagitan ninyo at inyong (mga kamag-anak na hindi nanampalataya kay Allah na inyong) itinuturing na mga kaaway (ito ay sa pamamagitan ng kanilang pagyakap sa Islam), sapagkat si Allah ang may kapangyarihan (sa lahat ng bagay), at si Allah ang Laging Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

لَّا يَنْهَىٰكُمُ ٱللَّهُ عَنِ ٱلَّذِينَ لَمْ يُقَٰتِلُوكُمْ فِى ٱلدِّينِ وَلَمْ يُخْرِجُوكُم مِّن دِيَٰرِكُمْ أَن تَبَرُّوهُمْ وَتُقْسِطُوٓا۟ إِلَيْهِمْ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ يُحِبُّ ٱلْمُقْسِطِينَ ﴿٨﴾

8. Hindi kayo pinagbabawalan ni Allah sa mga tao na hindi nakikipaglaban sa inyo sa pananampalataya at hindi nagtataboy sa inyo sa inyong mga tahanan, na sila ay inyong pakitunguhan nang mabuti (may kagandahang-asal) at makatarungan, katotohanang si Allah ay nagmamahal sa mga makatarungan.

إِنَّمَا يَنْهَىٰكُمُ ٱللَّهُ عَنِ ٱلَّذِينَ قَٰتَلُوكُمْ فِى ٱلدِّينِ وَأَخْرَجُوكُم مِّن دِيَٰرِكُمْ وَظَٰهَرُوا۟ عَلَىٰٓ إِخْرَاجِكُمْ أَن تَوَلَّوْهُمْ ۚ وَمَن يَتَوَلَّهُمْ فَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلظَّٰلِمُونَ ﴿٩﴾

9. Katotohanan, si Allah ay nagbabawal lamang sa inyo sa mga tao na nakipaglaban sa inyo sa pananampalataya, at nagtaboy sa inyo sa inyong mga tahanan at tumulong sa iba upang kayo ay mapaalis, na sila ay huwag (ninyong) pakitunguhan nang mabuti (may kagandahang-asal at pakikipagkaibigan). At sinuman ang makitungo sa kanila (nang ganito), sila ang mga gumagawa ng kamalian (at sumusuway kay Allah).

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِذَا جَآءَكُمُ ٱلْمُؤْمِنَٰتُ مُهَٰجِرَٰتٍ فَٱمْتَحِنُوهُنَّ ۖ ٱللَّهُ أَعْلَمُ بِإِيمَٰنِهِنَّ ۖ فَإِنْ عَلِمْتُمُوهُنَّ مُؤْمِنَٰتٍ فَلَا تَرْجِعُوهُنَّ إِلَى ٱلْكُفَّارِ ۖ لَا هُنَّ حِلٌّ لَّهُمْ وَلَا هُمْ يَحِلُّونَ لَهُنَّ ۖ وَءَاتُوهُم مَّآ أَنفَقُوا۟ ۚ وَلَا جُنَاحَ عَلَيْكُمْ أَن تَنكِحُوهُنَّ إِذَآ ءَاتَيْتُمُوهُنَّ أُجُورَهُنَّ ۚ وَلَا تُمْسِكُوا۟ بِعِصَمِ ٱلْكَوَافِرِ وَسْـَٔلُوا۟ مَآ أَنفَقْتُمْ وَلْيَسْـَٔلُوا۟ مَآ أَنفَقُوا۟ ۚ ذَٰلِكُمْ حُكْمُ ٱللَّهِ يَحْكُمُ بَيْنَكُمْ ۚ وَٱللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ ﴿١٠﴾

10. O kayong nagsisisampalataya! Kung may dumarating sa inyo na mga babaeng nananampalataya na nagsisilikas, suriin (ang kanilang pananampalataya). Si Allah ang tunay na nakababatid ng kanilang pananampalataya, at kung mapatunayan ninyo na sila ay nananampalataya, sila ay huwag ninyong pabalikin sa mga hindi sumasampalataya. Sila (mga babae) ay hindi pinahihintulutan (na maging asawa) ng mga (lalaking) walang pananampalataya, gayundin naman, hindi pinahihintulutan na ang (mga lalaking) walang pananampalataya ay maging asawa nila. Nguni't bayaran ninyo ang mga hindi sumasampalataya kung anuman ang kanilang ginugol sa kanila bilang *Mahr* (dote). At hindi isang kasalanan sa inyo kung kayo ay mag-asawa sa kanila, kung inyong ibibigay ang kanilang *Mahr* (dote). Gayundin naman, huwag ninyong panatilihin ang hindi nananampalatayang babae bilang inyong asawa, subalit inyong bawiin ang inyong ginugol sa kanila bilang Mahr (dote), kung sila (mga asawang hindi sumasampalataya) ay umanib sa kanila (mga lalaking hindi sumasampalataya) at hayaan sila (mga lalaking hindi nananampalataya) na bumawi rin ng

anumang kanilang ginugol (sa mga asawang naging Muslim). Ito ang kapasiyahan ni Allah; Siya ang humahatol sa pagitan ninyo. At si Allah ang Lubos na Maalam, ang Tigib ng Karunungan.

وَإِن فَاتَكُمْ شَيْءٌ مِّنْ أَزْوَاجِكُمْ إِلَى ٱلْكُفَّارِ فَعَاقَبْتُمْ فَـَٔاتُوا۟ ٱلَّذِينَ ذَهَبَتْ أَزْوَاجُهُم مِّثْلَ مَآ أَنفَقُوا۟ ۚ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ ٱلَّذِىٓ أَنتُم بِهِۦ مُؤْمِنُونَ ﴿١١﴾

11. At kung nawala sa inyo ang sinuman sa inyong mga asawa (babae) at (pumisan) sa mga hindi sumasampalataya, at pagkaraan nito, kayo ay nakakuha (ng kapalit, mula sa panig ng mga hindi sumasampalataya, maaaring labi ng digmaan o isang nananampalatayang babae na naghahanap ng kanlungan sa mga Muslim), kung gayon ay inyong bayaran (ang mga lalaking) iniwanan ng babae, nang katumbas na halaga kung anuman ang kanilang ginugol (sa kanilang *Mahr* [dote]), at pangambahan ninyo si Allah; kayo sa Kanya ay mga nananampalataya.

يَـٰٓأَيُّهَا ٱلنَّبِىُّ إِذَا جَآءَكَ ٱلْمُؤْمِنَـٰتُ يُبَايِعْنَكَ عَلَىٰٓ أَن لَّا يُشْرِكْنَ بِٱللَّهِ شَيْـًٔا وَلَا يَسْرِقْنَ وَلَا يَزْنِينَ وَلَا يَقْتُلْنَ أَوْلَـٰدَهُنَّ وَلَا يَأْتِينَ بِبُهْتَـٰنٍ يَفْتَرِينَهُۥ بَيْنَ أَيْدِيهِنَّ وَأَرْجُلِهِنَّ وَلَا يَعْصِينَكَ فِى مَعْرُوفٍ ۙ فَبَايِعْهُنَّ وَٱسْتَغْفِرْ لَهُنَّ ٱللَّهَ ۖ إِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١٢﴾

12. O Propeta! Kung ang mga sumasampalataya-yang babae ay magsilapit sa iyo upang sila ay manumpa sa iyo ng katapatan (*Bai'a* o pangako), na sila ay hindi magtatambal ng anupaman sa pagsamba kay Allah, na sila ay hindi magnanakaw, na sila ay hindi gagawa ng pangangalunya (o bawal na pakikipagtalik), na sila ay hindi papatay ng kanilang mga anak, na sila ay hindi magsasalita ng paninirang-puri na may paghahangad na gumawa ng kabulaanan (alalaong baga, na sila ay magkaroon ng mga hindi legal na angkin ng kanilang asawa), at sila ay hindi lalabag sa iyo sa anupamang bagay na makatarungan, kung gayon, ay iyong tanggapin ang kanilang katapatan (*Bai'a* o pangako) at iyong ipagdasal kay Allah ang kapatawaran (ng kanilang mga kasalanan). Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

يَـٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تَتَوَلَّوْا۟ قَوْمًا غَضِبَ ٱللَّهُ عَلَيْهِمْ قَدْ يَئِسُوا۟ مِنَ ٱلْـَٔاخِرَةِ كَمَا يَئِسَ ٱلْكُفَّارُ مِنْ أَصْحَـٰبِ ٱلْقُبُورِ ﴿١٣﴾

13. O kayong nagsisisampalataya! Huwag kayong makitungo (sa pakikipagkaibigan) sa mga tao na ang Poot ni Allah (alalaong baga, ang mga Hudyo) ay nasa kanila. Katiyakang sila ay nasa kawalan ng pag-asa na makatanggap ng anumang mabuti sa Kabilang Buhay, na katulad din ng mga hindi sumasampalataya na nakalibing, na wala na silang pag-asa (na makamtan ang Habag ni Allah sa Araw ng Muling Pagkabuhay).

سُورَةُ الصَّفِّ

Surah 61

Surat As-Saff
(Ang Mga Moog ng Digmaan)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ang anumang nasa kalangitan at kalupaan ay lumuluwalhati kay Allah, at Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

سَبَّحَ لِلَّهِ مَا فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِي ٱلْأَرْضِ ۖ وَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿١﴾

2. O kayong mga nananampalataya! Bakit kayo nagsasalita (ng mga bagay) na hindi ninyo tinutupad?

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لِمَ تَقُولُونَ مَا لَا تَفْعَلُونَ ﴿٢﴾

3. Tunay ngang kinapopootan ni Allah na kayo ay nagsasalita (ng mga bagay) na hindi ninyo tinutupad.

كَبُرَ مَقْتًا عِندَ ٱللَّهِ أَن تَقُولُوا۟ مَا لَا تَفْعَلُونَ ﴿٣﴾

4. Katotohanang si Allah ay nagmamahal sa mga tao na nakikipaglaban dahil sa Kanyang Kapakanan nang sama-sama (nagkakaisa), na tila bang sila ay mga matitibay na moog na nasesementuhan.

إِنَّ ٱللَّهَ يُحِبُّ ٱلَّذِينَ يُقَٰتِلُونَ فِي سَبِيلِهِۦ صَفًّا كَأَنَّهُم بُنْيَٰنٌ مَّرْصُوصٌ ﴿٤﴾

5. At (alalahanin) nang si Moises ay nagbadya sa kanyang pamayanan: "O aking pamayanan! Bakit ninyo ako pinipinsala samantalang nababatid ninyo ng may katiyakan na ako ay Sugo ni Allah na ipinadala sa inyo?" Kaya't nang sila ay napaligaw sa kamalian, ay hinayaan ni Allah na ang kanilang puso ay mapaligaw (sa Kanyang Landas) sapagkat si Allah ay hindi namamatnubay sa mga naghihimagsik sa pagsuway.

وَإِذْ قَالَ مُوسَىٰ لِقَوْمِهِۦ يَٰقَوْمِ لِمَ تُؤْذُونَنِي وَقَد تَّعْلَمُونَ أَنِّي رَسُولُ ٱللَّهِ إِلَيْكُمْ ۖ فَلَمَّا زَاغُوٓا۟ أَزَاغَ ٱللَّهُ قُلُوبَهُمْ ۚ وَٱللَّهُ لَا يَهْدِي ٱلْقَوْمَ ٱلْفَٰسِقِينَ ﴿٥﴾

6. At (alalahanin) nang si Hesus, ang anak ni Maria, ay nagbadya: "O Angkan ng Israel! Ako ay isang Sugo ni Allah na ipinadala sa inyo, na nagpapatotoo sa *Torah* (mga Batas) na ipinadala (sa inyo) nang una pa sa akin, at nagbibigay sa inyo ng masayang balita ng isang Sugo na susunod sa akin, ang pangalang itatawag sa kanya ay Ahmad (alalaong baga,

وَإِذْ قَالَ عِيسَى ٱبْنُ مَرْيَمَ يَٰبَنِيٓ إِسْرَٰٓءِيلَ إِنِّي رَسُولُ ٱللَّهِ إِلَيْكُم مُّصَدِّقًا لِّمَا بَيْنَ يَدَيَّ مِنَ ٱلتَّوْرَىٰةِ وَمُبَشِّرًۢا بِرَسُولٍ يَأْتِي مِنۢ بَعْدِي ٱسْمُهُۥٓ أَحْمَدُ ۖ فَلَمَّا جَآءَهُم بِٱلْبَيِّنَٰتِ قَالُوا۟ هَٰذَا سِحْرٌ مُّبِينٌ ﴿٦﴾

ang ibang pangalan ni Propeta Muhammad at ang literal na kahulugan nito [Ahmad] ay "siya na nagpupuri kay Allah nang higit pa sa iba"). Datapuwa't nang siya (Ahmad) ay pumaroon sa kanila na may mga Maliwanag na Katibayan, sila ay nagsipagsabi: "Ito ay isang maliwanag na salamangka!"

7. Sino baga kaya ang higit na gumagawa nang malaking kamalian maliban sa kanya na kumakatha ng kabulaanan laban kay Allah, samantalang siya ay inaanyayahan sa Islam? At si Allah ay hindi namamatnubay sa mga mapaggawa ng kamalian (mga mapagsamba sa diyus-diyosan).

وَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّنِ ٱفْتَرَىٰ عَلَى ٱللَّهِ ٱلْكَذِبَ وَهُوَ يُدْعَىٰٓ إِلَى ٱلْإِسْلَٰمِ ۚ وَٱللَّهُ لَا يَهْدِى ٱلْقَوْمَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٧﴾

8. Ang kanilang hangarin ay apulahin (pawiin) ang Liwanag ni Allah (alalaong baga, ang Pananampalatayang Islam) sa pamamagitan ng kanilang bibig. Datapuwa't si Allah ang magpupulido ng Kanyang liwanag, kahit na ang mga hindi sumasampalataya ay magsitutol (dito).

يُرِيدُونَ لِيُطْفِـُٔوا۟ نُورَ ٱللَّهِ بِأَفْوَٰهِهِمْ وَٱللَّهُ مُتِمُّ نُورِهِۦ وَلَوْ كَرِهَ ٱلْكَٰفِرُونَ ﴿٨﴾

9. Siya (Allah) ang nagsugo ng kanyang Sugo (Muhammad) na dala ang (tunay) na Patnubay at (tunay) na pananampalataya (ang Islam), upang Kanyang magawa na (ito) ay mangibabaw sa lahat ng mga relihiyon, kahit na nga ang *Mushrikun* (mga pagano, mapagsamba sa diyus-diyosan) ay sumalansang (dito).

هُوَ ٱلَّذِىٓ أَرْسَلَ رَسُولَهُۥ بِٱلْهُدَىٰ وَدِينِ ٱلْحَقِّ لِيُظْهِرَهُۥ عَلَى ٱلدِّينِ كُلِّهِۦ وَلَوْ كَرِهَ ٱلْمُشْرِكُونَ ﴿٩﴾

10. O kayong mga nananampalataya! Kayo ba ay Aking gagabayan sa isang mabuting kalakal na makapagliligtas sa inyo sa kasakit-sakit na kaparusahan.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ هَلْ أَدُلُّكُمْ عَلَىٰ تِجَٰرَةٍ تُنجِيكُم مِّنْ عَذَابٍ أَلِيمٍ ﴿١٠﴾

11. (Inyong sundin) na kayo ay magsisampalataya kay Allah at (maniwala) sa Kanyang Sugo (Muhammad), at kayo ay magsipagsikhay (sa pakikibaka ayon sa inyong kakayahan) tungo sa Kapakanan ni Allah, sa pamamagitan ng inyong mga ari-arian at inyong buhay (sarili). Ito ay higit na mabuti sa inyo, kung inyo lamang nalalaman!

تُؤْمِنُونَ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ وَتُجَٰهِدُونَ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ بِأَمْوَٰلِكُمْ وَأَنفُسِكُمْ ۚ ذَٰلِكُمْ خَيْرٌ لَّكُمْ إِن كُنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿١١﴾

12. (Kung ito ay inyong gawin), Siya ay

يَغْفِرْ لَكُمْ ذُنُوبَكُمْ وَيُدْخِلْكُمْ جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن

magpapatawad sa inyo ng inyong mga kasalanan at Kanyang tatanggapin kayo sa Hardin na sa ilalim nito ay may mga batis na nagsisidaloy, at sa magagandang Tirahan (sa) Halamanan ng walang hanggan (Paraiso), ito ay katotohanang Pinakasukdol na Tagumpay (na inyong makakamit).

تَجْرِي مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ وَمَسَٰكِنَ طَيِّبَةً فِى جَنَّٰتِ عَدْنٍ ۚ ذَٰلِكَ ٱلْفَوْزُ ٱلْعَظِيمُ ﴿١٢﴾

13. At gayundin, (Siya ay magkakaloob) ng iba pang (pabuya) na inyong inaasam, (ito ay) tulong na mula kay Allah at dagliang tagumpay. Kaya't ipamahagi ang magandang balita (O Muhammad) sa mga sumasampalataya.

وَأُخْرَىٰ تُحِبُّونَهَا ۖ نَصْرٌ مِّنَ ٱللَّهِ وَفَتْحٌ قَرِيبٌ ۗ وَبَشِّرِ ٱلْمُؤْمِنِينَ ﴿١٣﴾

14. O kayong nananampalataya! Maging mga katuwang (tagatangkilik) ni Allah, na katulad ng sinabi ni Hesus, ang anak ni Maria, sa kanyang mga disipulo: "Sino ang aking makakatulong (sa mga gawain) sa (Kapakanan) ni Allah? At ang mga disipulo ay sumagot: "Kami ang makakatulong ni Allah!" At ang isang bahagi ng Angkan ng Israel ay sumampalataya, at ang isang bahagi ay nagsitalikod (nagtakwil). Subalit binigyan Namin ng kapangyarihan ang mga sumasampalataya laban sa kanilang mga kaaway, at sila ang mga nagsipagtagumpay.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ كُونُوٓا۟ أَنصَارَ ٱللَّهِ كَمَا قَالَ عِيسَى ٱبْنُ مَرْيَمَ لِلْحَوَارِيِّۦنَ مَنْ أَنصَارِىٓ إِلَى ٱللَّهِ ۖ قَالَ ٱلْحَوَارِيُّونَ نَحْنُ أَنصَارُ ٱللَّهِ ۖ فَـَٔامَنَت طَّآئِفَةٌ مِّنۢ بَنِىٓ إِسْرَٰٓءِيلَ وَكَفَرَت طَّآئِفَةٌ ۖ فَأَيَّدْنَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ عَلَىٰ عَدُوِّهِمْ فَأَصْبَحُوا۟ ظَٰهِرِينَ ﴿١٤﴾



Surah 62

Surat Al-Jumu'ah
(Biyernes)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

يُسَبِّحُ لِلَّهِ مَا فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِي ٱلْأَرْضِ ٱلْمَلِكِ ٱلْقُدُّوسِ ٱلْعَزِيزِ ٱلْحَكِيمِ ﴿١﴾

1. Ang anumang nasa kalangitan at kalupaan ay lumuluwalhati kay Allah, ang Hari (ng lahat ng bagay), ang Banal, ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

هُوَ ٱلَّذِي بَعَثَ فِي ٱلْأُمِّيِّـۧنَ رَسُولًا مِّنْهُمْ يَتْلُوا۟ عَلَيْهِمْ ءَايَٰتِهِۦ وَيُزَكِّيهِمْ وَيُعَلِّمُهُمُ ٱلْكِتَٰبَ وَٱلْحِكْمَةَ وَإِن كَانُوا۟ مِن قَبْلُ لَفِي ضَلَٰلٍ مُّبِينٍ ﴿٢﴾

2. Siya (Allah) ang nagsugo sa mga taong hindi nakapag-aral ng isang Sugo (Muhammad) mula sa kanilang lipon, upang kanyang dalitin sa kanila ang Kanyang mga Talata, upang sila ay maging dalisay (sa kawalan ng pananalig at pagsamba sa mga diyus-diyosan) at (upang) magturo sa kanila ng Aklat at ng Karunungan (ang Qur'an, at mga *Sunnah* [katuruan] ni Propeta Muhammad), bagama't sila noon ay nasa lantad na kamalian,

وَءَاخَرِينَ مِنْهُمْ لَمَّا يَلْحَقُوا۟ بِهِمْ ۚ وَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٣﴾

3. At sa iba pa sa kanila na hindi pa sumama sa kanila (na mga Muslim, datapuwa't sila ay darating). At Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

ذَٰلِكَ فَضْلُ ٱللَّهِ يُؤْتِيهِ مَن يَشَآءُ ۚ وَٱللَّهُ ذُو ٱلْفَضْلِ ٱلْعَظِيمِ ﴿٤﴾

4. Ito ang Biyaya ni Allah na Kanyang ipinagkakaloob sa sinumang Kanyang maibigan. At si Allah ang Naghahawak ng Walang Maliw na Biyaya.

مَثَلُ ٱلَّذِينَ حُمِّلُوا۟ ٱلتَّوْرَىٰةَ ثُمَّ لَمْ يَحْمِلُوهَا كَمَثَلِ ٱلْحِمَارِ يَحْمِلُ أَسْفَارًۢا ۚ بِئْسَ مَثَلُ ٱلْقَوْمِ ٱلَّذِينَ كَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِ ٱللَّهِ ۚ وَٱللَّهُ لَا يَهْدِي ٱلْقَوْمَ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٥﴾

5. Ang nakakatulad nila na pinagkatiwalaan ng *Torah*, at matapos ay hindi kumuha nito (alalaong baga, nagpabaya sa kanilang pananagutan sa hindi pagsasagawa ng mga turo nito), ay katulad ng asno na nagpapasan ng malaking dalahin ng mga aklat (ngani't walang nauunawaan sa mga ito). Kasamaan ang nakakawangki ng mga tao na nagtatatwa ng *Ayat* (mga kapahayagan, katibayan, aral, talata) ni Allah, at si Allah ay hindi namamatnubay sa

mga gumagawa ng kamalian (mapagsamba sa diyus-diyosan).

قُلْ يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ هَادُوٓا۟ إِن زَعَمْتُمْ أَنَّكُمْ أَوْلِيَآءُ لِلَّهِ مِن دُونِ ٱلنَّاسِ فَتَمَنَّوُا۟ ٱلْمَوْتَ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿٦﴾

6. Ipagbadya (O Muhammad): "O kayong mga Hudyo! Kung kayo ay nag-aangkin na kayo ay mga kapanalig ni Allah, na nagbubukod sa (iba pang) mga tao, kung gayon, kayo ay magnais ng kamatayan, kung kayo ay may nais na maging makatotohanan".

وَلَا يَتَمَنَّوْنَهُۥٓ أَبَدًۢا بِمَا قَدَّمَتْ أَيْدِيهِمْ ۗ وَٱللَّهُ عَلِيمٌۢ بِٱلظَّٰلِمِينَ ﴿٧﴾

7. Datapuwa't hindi sila magnanais nito (kamatayan), dahilan sa mga gawa ng kanilang kamay! At si Allah ang Lubos na Nakababatid sa mga mapaggawa ng kasalanan (mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig kay Allah).

قُلْ إِنَّ ٱلْمَوْتَ ٱلَّذِى تَفِرُّونَ مِنْهُ فَإِنَّهُۥ مُلَٰقِيكُمْ ثُمَّ تُرَدُّونَ إِلَىٰ عَٰلِمِ ٱلْغَيْبِ وَٱلشَّهَٰدَةِ فَيُنَبِّئُكُم بِمَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٨﴾

8. Ipagbadya (sa kanila): "Katotohanan, ang kamatayan na inyong tinatakasan ay walang pagsalang daratal sa inyo, at kung magkagayon, kayo ay muling ibabalik (kay Allah), ang Lubos na Nakakaalam nang lahat ng mga nalilingid at nakalantad, at Siya ang magsasabi sa inyo kung ano ang inyong ginawa."

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِذَا نُودِىَ لِلصَّلَوٰةِ مِن يَوْمِ ٱلْجُمُعَةِ فَٱسْعَوْا۟ إِلَىٰ ذِكْرِ ٱللَّهِ وَذَرُوا۟ ٱلْبَيْعَ ۚ ذَٰلِكُمْ خَيْرٌ لَّكُمْ إِن كُنتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿٩﴾

9. O kayong mga nagsisisampalataya (mga Muslim)! Kung ang panawagan sa pagdarasal sa araw ng Biyernes (*Al-Jumuah*) ay ipinagbadya sa inyo, magmadali sa pag-aala-ala kay Allah at talikdan ninyo ang kalakal (at iba pang bagay), ito ay higit na mainam sa inyo kung inyo lamang nababatid.

فَإِذَا قُضِيَتِ ٱلصَّلَوٰةُ فَٱنتَشِرُوا۟ فِى ٱلْأَرْضِ وَٱبْتَغُوا۟ مِن فَضْلِ ٱللَّهِ وَٱذْكُرُوا۟ ٱللَّهَ كَثِيرًا لَّعَلَّكُمْ تُفْلِحُونَ ﴿١٠﴾

10. At kung ang pagdarasal (*Jumuah*) ay natapos na, kayo ay malaya na magsipangalat sa kalupaan at magsihanap ng Kanyang mga Biyaya (sa pamamagitan ng pagtatrabaho), at lagi ninyong alalahanin si Allah upang kayo ay magsipagtagumpay.

وَإِذَا رَأَوْا۟ تِجَٰرَةً أَوْ لَهْوًا ٱنفَضُّوٓا۟ إِلَيْهَا وَتَرَكُوكَ قَآئِمًا ۚ قُلْ مَا عِندَ ٱللَّهِ خَيْرٌ مِّنَ ٱللَّهْوِ وَمِنَ ٱلتِّجَٰرَةِ ۚ وَٱللَّهُ خَيْرُ ٱلرَّٰزِقِينَ ﴿١١﴾

11. Datapuwa't kung sila ay nakakakita ng mga paninda na mura at mga paglilibang (tunog ng tambol), sila ay dagliang pumupunta roon, at ikaw (O Muhammad) ay iniiwan nila na nakatayo (habang ikaw ay nagpapaala-ala sa pangangaral). Ipahayag: "Higit na mabuti ang nasa kay Allah kaysa sa anumang paglilibang at murang paninda!" At si Allah ang Pinakamahusay sa mga nagkakaloob ng panustos.

Surah 63

Surat Al-Munafiqun
(Ang Mga Mapagkunwari)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ

إِذَا جَاءَكَ الْمُنَافِقُونَ قَالُوا نَشْهَدُ إِنَّكَ لَرَسُولُ اللَّهِ وَاللَّهُ يَعْلَمُ إِنَّكَ لَرَسُولُهُ وَاللَّهُ يَشْهَدُ إِنَّ الْمُنَافِقِينَ لَكَاذِبُونَ ﴿١﴾

1. Kung ang mga mapagkunwari ay nagsisilapit sa iyo (O Muhammad), sila ay nagsasabi: "Kami ay nagpapatotoo na tunay ngang ikaw ay Sugo ni Allah." Katotohanang si Allah ang nakakaalam na ikaw ay tunay Niyang Sugo, at si Allah ang nagpapatotoo na ang mga mapagkunwari ay tunay ngang mga sinungaling.

اتَّخَذُوا أَيْمَانَهُمْ جُنَّةً فَصَدُّوا عَن سَبِيلِ اللَّهِ إِنَّهُمْ سَاءَ مَا كَانُوا يَعْمَلُونَ ﴿٢﴾

2. Kanilang ginawa ang kanilang mga panunumpa (pangako) bilang isang pangubli (ng kanilang mga pagkukunwari); kaya't kanilang hinahadlangan (ang mga tao) tungo sa Landas ni Allah. Katotohanan, ang kanilang mga gawa ay kasamaan.

ذَٰلِكَ بِأَنَّهُمْ آمَنُوا ثُمَّ كَفَرُوا فَطُبِعَ عَلَىٰ قُلُوبِهِمْ فَهُمْ لَا يَفْقَهُونَ ﴿٣﴾

3. Ito'y sa dahilang sila ay nagsisampalataya, at muli ay nagtakwil sa pananampalataya, kaya't ang kanilang puso ay natakpan, at sa gayon sila ay hindi nakakaunawa.

وَإِذَا رَأَيْتَهُمْ تُعْجِبُكَ أَجْسَامُهُمْ وَإِن يَقُولُوا تَسْمَعْ لِقَوْلِهِمْ كَأَنَّهُمْ خُشُبٌ مُّسَنَّدَةٌ يَحْسَبُونَ كُلَّ صَيْحَةٍ عَلَيْهِمْ هُمُ الْعَدُوُّ فَاحْذَرْهُمْ قَاتَلَهُمُ اللَّهُ أَنَّىٰ يُؤْفَكُونَ ﴿٤﴾

4. Kung pagmamasdan mo sila, ang kanilang panglabas na katawan ay nakakaakit sa iyo, at kung sila ay nagsisipangusap, ikaw ay nakikinig sa kanilang mga salita. Sila ay mga walang halaga na tulad ng kahoy (na walang laman sa loob) na (hindi makakatayo sa kanilang sarili). Sila ay nag-aakala na ang bawat panambitan ay laban sa kanila. Sila ay mga kaaway, kaya't magsipag-ingat sa kanila. Ang kaparusahan (at poot) ni Allah ay mapapasakanila. Paano sila nagtatwa (o napaligaw) sa katotohanan?

وَإِذَا قِيلَ لَهُمْ تَعَالَوْا يَسْتَغْفِرْ لَكُمْ رَسُولُ اللَّهِ لَوَّوْا رُءُوسَهُمْ وَرَأَيْتَهُمْ يَصُدُّونَ وَهُم مُّسْتَكْبِرُونَ ﴿٥﴾

5. At kung ipinangungusap sa kanila: "Halina kayo, upang ang Sugo ni Allah ay manalangin tungo sa inyong kapatawaran mula kay Allah", ay kanilang ibinabaling ang kanilang ulo at

iyong mapagmamasdan sila na tumatalikod na ang kanilang mukha ay tigib ng pagmamataas.

سَوَآءٌ عَلَيْهِمْ أَسْتَغْفَرْتَ لَهُمْ أَمْ لَمْ تَسْتَغْفِرْ لَهُمْ لَن يَغْفِرَ ٱللَّهُ لَهُمْ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ لَا يَهْدِى ٱلْقَوْمَ ٱلْفَٰسِقِينَ ﴿٦﴾

6. Ito ay magkatulad sa kanila kahit na sila ay iyong ipagdasal (O Muhammad) tungo sa kanilang kapatawaran o hindi ka humingi sa kanilang kapatawaran. Katotohanang si Allah ay hindi namamatnubay sa mga tao na mapaghimagsik (at palasuway kay Allah).

هُمُ ٱلَّذِينَ يَقُولُونَ لَا تُنفِقُوا۟ عَلَىٰ مَنْ عِندَ رَسُولِ ٱللَّهِ حَتَّىٰ يَنفَضُّوا۟ ۗ وَلِلَّهِ خَزَآئِنُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَلَٰكِنَّ ٱلْمُنَٰفِقِينَ لَا يَفْقَهُونَ ﴿٧﴾

7. Sila ang mga nagsasabi: "Huwag kayong gumugol ng anuman sa mga tao na kapanalig ng Sugo ni Allah, hanggang sa siya ay iwanan nila." At si Allah ang nag-aangkin ng mga kayamanan ng kalangitan at kalupaan, datapuwa't ang mga mapagkunwari ay hindi nakakaunawa.

يَقُولُونَ لَئِن رَّجَعْنَآ إِلَى ٱلْمَدِينَةِ لَيُخْرِجَنَّ ٱلْأَعَزُّ مِنْهَا ٱلْأَذَلَّ ۚ وَلِلَّهِ ٱلْعِزَّةُ وَلِرَسُولِهِۦ وَلِلْمُؤْمِنِينَ وَلَٰكِنَّ ٱلْمُنَٰفِقِينَ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٨﴾

8. Sila na (mga mapagkunwari) ay nagsasabi: "Kung kami ay makakabalik sa Madinah, katotohanan, ang higit na kapita-pitagan (Abdullah Bin Ubaiy Bin Salul, ang pinuno ng mga mapagkunwari sa Madinah) ay makapagpapaalis sa mababa (alalaong baga, ang Sugo ni Allah). Datapuwa't ang karangalan ay nalalaan kay Allah at sa Kanyang Sugo at sa mga sumasampalataya, subalit ang mga mapagkunwari ay hindi nakababatid.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ لَا تُلْهِكُمْ أَمْوَٰلُكُمْ وَلَآ أَوْلَٰدُكُمْ عَن ذِكْرِ ٱللَّهِ ۚ وَمَن يَفْعَلْ ذَٰلِكَ فَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْخَٰسِرُونَ ﴿٩﴾

9. O kayong nagsisisampalataya! Huwag ninyong hayaan na ang inyong mga kayamanan at inyong mga anak ay makahadlang sa inyo upang alalahaning lagi si Allah. At kung sinuman ang gumawa ng gayon, sila ang mga talunan.

وَأَنفِقُوا۟ مِن مَّا رَزَقْنَٰكُم مِّن قَبْلِ أَن يَأْتِىَ أَحَدَكُمُ ٱلْمَوْتُ فَيَقُولَ رَبِّ لَوْلَآ أَخَّرْتَنِىٓ إِلَىٰٓ أَجَلٍ قَرِيبٍ فَأَصَّدَّقَ وَأَكُن مِّنَ ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿١٠﴾

10. At gumugol kayo sa mga biyaya na Aming ipinagkaloob sa inyo (bilang kawanggawa), bago sumapit ang kamatayan sa sinuman sa inyo at siya ay magsabi: "O aking Panginoon! Kung ako ay Inyo lamang ipagpapaliban (aantalahin) sa maigsing panahon (kung gayon), ako ay magbibigay ng kawanggawa (mula sa aking kayamanan), at ako ay mapapabilang sa mga matutuwid.

وَلَن يُؤَخِّرَ ٱللَّهُ نَفْسًا إِذَا جَآءَ أَجَلُهَا ۚ وَٱللَّهُ خَبِيرٌۢ بِمَا تَعْمَلُونَ ﴿١١﴾

11. Datapuwa't walang sinumang kaluluwa ang pagkakalooban ni Allah ng palugit kung ang itinakdang panahon (kamatayan) ay sumapit na sa kanya. At si Allah ang Lubos na Nakakaalam ng lahat ninyong ginagawa.



Surah 64

Surat At-Taghabun
(Ang Pagkalugi at Pakinabang sa Isa't Isa)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

يُسَبِّحُ لِلَّهِ مَا فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَمَا فِي ٱلْأَرْضِ ۖ لَهُ ٱلْمُلْكُ وَلَهُ ٱلْحَمْدُ ۖ وَهُوَ عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ ﴿١﴾

1. Ang anumang nasa kalangitan at kalupaan ay lumuluwalhati kay Allah. Sa Kanya ang Paghahari at Siya ang nag-aangkin ng lahat ng mga papuri, at Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

هُوَ ٱلَّذِي خَلَقَكُمْ فَمِنكُمْ كَافِرٌ وَمِنكُم مُّؤْمِنٌ ۚ وَٱللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ بَصِيرٌ ﴿٢﴾

2. Siya (Allah) ang lumikha sa inyo, at sa lipon ninyo ay may hindi nananampalataya, at sa lipon ninyo ay may sumasampalataya. At si Allah ang Lubos na Nakamamasid ng lahat ninyong ginagawa.

خَلَقَ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضَ بِٱلْحَقِّ وَصَوَّرَكُمْ فَأَحْسَنَ صُوَرَكُمْ ۖ وَإِلَيْهِ ٱلْمَصِيرُ ﴿٣﴾

3. Nilikha Niya ang kalangitan at kalupaan sa katotohanan, at Kanyang binigyan kayo ng anyo at ginawa Niya na maganda ang inyong hubog, at sa Kanya ang huling pagbabalik.

يَعْلَمُ مَا فِي ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَيَعْلَمُ مَا تُسِرُّونَ وَمَا تُعْلِنُونَ ۚ وَٱللَّهُ عَلِيمٌ بِذَاتِ ٱلصُّدُورِ ﴿٤﴾

4. Talastas Niya kung ano ang nasa kalangitan at kalupaan, at batid Niya kung ano ang inyong inililihim at inilalantad. At si Allah ang Lubos na Nakakaalam kung ano ang nasa dibdib (ng mga tao).

أَلَمْ يَأْتِكُمْ نَبَؤُا۟ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِن قَبْلُ فَذَاقُوا۟ وَبَالَ أَمْرِهِمْ وَلَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٥﴾

5. Hindi baga nakarating sa inyo ang balita niyaong mga hindi nanampalataya noong una? Kaya't kanilang nalasap ang masamang bunga ng kanilang kawalan ng pananalig, at sasakanila ang kasakit-sakit na kaparusahan.

ذَٰلِكَ بِأَنَّهُۥ كَانَت تَّأْتِيهِمْ رُسُلُهُم بِٱلْبَيِّنَٰتِ فَقَالُوٓا۟ أَبَشَرٌ يَهْدُونَنَا فَكَفَرُوا۟ وَتَوَلَّوا۟ ۚ وَّٱسْتَغْنَى ٱللَّهُ ۚ وَٱللَّهُ غَنِيٌّ حَمِيدٌ ﴿٦﴾

6. Ito'y sa dahilang ipinadala sa kanila ang kanilang mga Sugo na may Maliliwanag na Katibayan, datapuwa't sila ay nagsabi: "Isang tao baga (lamang) ang mamamatnubay sa amin?" Kaya't sila ay hindi nanampalataya at nagsitalikod nang palayo (sa Katotohanan), at si Allah ay hindi nangangailangan (sa kanila). At si Allah ay Pinakamasagana (Walang

Pangangailangan), ang Karapat-dapat sa lahat ng pagpupuri.

زَعَمَ ٱلَّذِينَ كَفَرُوٓا۟ أَن لَّن يُبْعَثُوا۟ ۚ قُلْ بَلَىٰ وَرَبِّى لَتُبْعَثُنَّ ثُمَّ لَتُنَبَّؤُنَّ بِمَا عَمِلْتُمْ ۚ وَذَٰلِكَ عَلَى ٱللَّهِ يَسِيرٌ ﴿٧﴾

7. Ang mga hindi sumasampalataya ay nag-aakala na sila ay hindi ibabangong muli (sa pagsusulit). Ipagbadya (O Muhammad): "Tunay nga, ako ay nanunumpa sa aking Panginoon, walang pagsala na kayo ay ibabangong muli, at sa inyo ay ipapahayag ang (kabayaran nang) lahat ng inyong ginawa, at ito ay lubhang magaan kay Allah".

فَـَٔامِنُوا۟ بِٱللَّهِ وَرَسُولِهِۦ وَٱلنُّورِ ٱلَّذِىٓ أَنزَلْنَا ۚ وَٱللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ خَبِيرٌ ﴿٨﴾

8. Samakatuwid, magsisampalataya kayo kay Allah at (maniwala) sa kanyang Sugo (Muhammad), at sa Liwanag (ang Qur'an) na Aming ipinanaog. At si Allah ang Lubos na Nakakaalam ng lahat ninyong ginagawa.

يَوْمَ يَجْمَعُكُمْ لِيَوْمِ ٱلْجَمْعِ ۖ ذَٰلِكَ يَوْمُ ٱلتَّغَابُنِ ۗ وَمَن يُؤْمِنۢ بِٱللَّهِ وَيَعْمَلْ صَٰلِحًا يُكَفِّرْ عَنْهُ سَيِّـَٔاتِهِۦ وَيُدْخِلْهُ جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَآ أَبَدًا ۚ ذَٰلِكَ ٱلْفَوْزُ ٱلْعَظِيمُ ﴿٩﴾

9. (At alalahanin) ang Araw na Kanyang titipunin kayo sa Araw ng Pagtitipon, - ito ang Araw ng Pagkalugi at Pakinabang sa isa't isa (alalaong baga, ito ay pagkalugi sa mga hindi sumasampalataya sapagkat sila ay papasok sa Apoy ng Impiyerno, at pakinabang sa mga sumasampalataya sapagkat sila ay papasok sa Paraiso). At sinuman ang sumampalataya kay Allah at nagsisigawa ng katuwiran at kabutihan ay ipapatawad Niya sa kanila ang kanilang mga kasalanan, at Kanyang tatanggapin sila sa Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso) upang manahan dito magpakailanman, ito ang Tugatog ng Tagumpay.

وَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَكَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَآ أُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلنَّارِ خَٰلِدِينَ فِيهَا ۖ وَبِئْسَ ٱلْمَصِيرُ ﴿١٠﴾

10. Datapuwa't sila na nagtatakwil sa pananampalataya (kay Allah) at nagpapabulaan sa Aming *Ayat* (mga katibayan, kapahayagan, aral, talata), sila ang magsisipanirahan sa Apoy magpakailanman. At tunay na napakasama ang gayong hantungan.

مَآ أَصَابَ مِن مُّصِيبَةٍ إِلَّا بِإِذْنِ ٱللَّهِ ۗ وَمَن يُؤْمِنۢ بِٱللَّهِ يَهْدِ قَلْبَهُۥ ۚ وَٱللَّهُ بِكُلِّ شَىْءٍ عَلِيمٌ ﴿١١﴾

11. Walang (anumang) kapahamakan ang magaganap malibang pahintulutan ni Allah, at kung sinuman ang sumasampalataya kay Allah, Siya ang mamamatnubay sa kanyang puso, at si Allah ang nakababatid ng lahat ng bagay.

وَأَطِيعُوا۟ ٱللَّهَ وَأَطِيعُوا۟ ٱلرَّسُولَ ۚ فَإِن تَوَلَّيْتُمْ فَإِنَّمَا عَلَىٰ رَسُولِنَا ٱلْبَلَٰغُ ٱلْمُبِينُ ﴿١٢﴾

12. At sundin ninyo si Allah at ang (Kanyang) Sugo (Muhammad), datapuwa't kung kayo ay magsitalikod, ang tungkulin lamang ng Aming Sugo ay upang ihatid sa inyo (ang Mensahe) na lantad at maliwanag.

ٱللَّهُ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ ۚ وَعَلَى ٱللَّهِ فَلْيَتَوَكَّلِ ٱلْمُؤْمِنُونَ ﴿١٣﴾

13. Si Allah, *La ilaha ilah Huwa* (Wala ng iba pang Diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya), at kay Allah (lamang), hayaan ang mga sumasampalataya ay umasa.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِنَّ مِنْ أَزْوَٰجِكُمْ وَأَوْلَٰدِكُمْ عَدُوًّا لَّكُمْ فَٱحْذَرُوهُمْ ۚ وَإِن تَعْفُوا۟ وَتَصْفَحُوا۟ وَتَغْفِرُوا۟ فَإِنَّ ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١٤﴾

14. O kayong nagsisisampalataya! Katotohanang sa lipon ng inyong mga asawa at inyong mga anak ay mga kaaway sa inyo (alalaong baga, maaaring ang isa sa kanila ay pumigil sa inyo sa pagsunod kay Allah), kaya't inyong pag-ingatan sila! Datapuwa't kung kayo ay magpawalang-sala at huwag pumansin at magpatawad, kung gayon, katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

إِنَّمَآ أَمْوَٰلُكُمْ وَأَوْلَٰدُكُمْ فِتْنَةٌ ۚ وَٱللَّهُ عِندَهُۥٓ أَجْرٌ عَظِيمٌ ﴿١٥﴾

15. Ang inyong kayamanan at inyong mga anak ay isa lamang pagsubok, at kay Allah, nasa sa Kanya ang malaking gantimpala (Paraiso)!

فَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ مَا ٱسْتَطَعْتُمْ وَٱسْمَعُوا۟ وَأَطِيعُوا۟ وَأَنفِقُوا۟ خَيْرًا لِّأَنفُسِكُمْ ۗ وَمَن يُوقَ شُحَّ نَفْسِهِۦ فَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْمُفْلِحُونَ ﴿١٦﴾

16. Kaya't pangambahan ninyo si Allah sa pinakamainam na inyong magagawa at makinig at sumunod at gumugol (sa Landas ni Allah); ito ay higit na mabuti sa inyong sarili (kaluluwa). At sinuman ang napapangalagaan mula sa karamutan ng kanyang sarili (kaluluwa), kung gayon, sila ang magsisipagtagumpay.

إِن تُقْرِضُوا۟ ٱللَّهَ قَرْضًا حَسَنًا يُضَٰعِفْهُ لَكُمْ وَيَغْفِرْ لَكُمْ ۚ وَٱللَّهُ شَكُورٌ حَلِيمٌ ﴿١٧﴾

17. Kung kayo ay magpapautang kay Allah ng isang magandang pautang (alalaong baga, ang gumugol sa Kapakanan ni Allah), ay tutumbasan Niya ito nang dalawang ulit at magpapatawad sa inyo. At si Allah ay Higit na Mapagpahalaga, ang Mahinahon,

عَٰلِمُ ٱلْغَيْبِ وَٱلشَّهَٰدَةِ ٱلْعَزِيزُ ٱلْحَكِيمُ ﴿١٨﴾

18. Ang Lubos na Nakababatid nang lahat ng mga nakalingid at nakalantad, ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan.

Surah 65

Surat At-Talaq
(Ang Diborsyo o Paghihiwalay)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّبِيُّ إِذَا طَلَّقْتُمُ ٱلنِّسَآءَ فَطَلِّقُوهُنَّ لِعِدَّتِهِنَّ وَأَحْصُوا۟ ٱلْعِدَّةَ ۖ وَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ رَبَّكُمْ ۖ لَا تُخْرِجُوهُنَّ مِنۢ بُيُوتِهِنَّ وَلَا يَخْرُجْنَ إِلَّآ أَن يَأْتِينَ بِفَٰحِشَةٍ مُّبَيِّنَةٍ ۚ وَتِلْكَ حُدُودُ ٱللَّهِ ۚ وَمَن يَتَعَدَّ حُدُودَ ٱللَّهِ فَقَدْ ظَلَمَ نَفْسَهُۥ ۚ لَا تَدْرِى لَعَلَّ ٱللَّهَ يُحْدِثُ بَعْدَ ذَٰلِكَ أَمْرًا ﴿١﴾

1. O Propeta! Kung kayo ay magdidiborsyo ng mga babae, inyong diborsyuhin sila sa kanilang *Iddah* (natatakdaang panahon), at inyong bilangin nang buong katumpakan ang kanilang *Iddah* (natatakdaang panahon), at inyong pangambahan (O mga Muslim) si Allah na inyong Panginoon, at sila ay huwag ninyong itaboy sa kani-kanilang tahanan, at huwag din naman na sila ay hayaang umalis, maliban na lamang kung sila ay nagkakasala nang lantad na kalaswaan (bawal na pakikipagtalik). At ito ang mga hangganan na itinakda ni Allah, at sinuman ang lumabag sa mga hangganan (na itinakda) ni Allah ay katiyakang nagbigay-kamalian (nagpahamak) sa kanyang sarili. Kayo (na nagdiborsyo ng asawa) ay hindi nakakaalam, baka sakaling si Allah ay magkaloob pagkaraaan ng ganito ng isang (naiibang) bagay (katulad ng panghihinayang o panibagong pagnanais para sa asawa, alalaong baga, ang ibalik siyang muli [asawa] sa inyo kung ito ang una at pangalawang pagdidiborsyo).

فَإِذَا بَلَغْنَ أَجَلَهُنَّ فَأَمْسِكُوهُنَّ بِمَعْرُوفٍ أَوْ فَارِقُوهُنَّ بِمَعْرُوفٍ ۖ وَأَشْهِدُوا۟ ذَوَىْ عَدْلٍ مِّنكُمْ ۚ وَأَقِيمُوا۟ ٱلشَّهَٰدَةَ لِلَّهِ ۚ ذَٰلِكُمْ يُوعَظُ بِهِۦ مَن كَانَ يُؤْمِنُ بِٱللَّهِ وَٱلْيَوْمِ ٱلْءَاخِرِ ۚ وَمَن يَتَّقِ ٱللَّهَ يَجْعَل لَّهُۥ مَخْرَجًا ﴿٢﴾

2. At kung (halos) ay kanila nang naganap ang *Iddah* (natatakdaang panahon), sila ay maaari ninyong muli na panatilihin ayon sa katanggap-tanggap na kundisyon, o kayo ay humiwalay sa kanila ayon sa katanggap-tanggap na kundisyon. At kumuha kayo ng dalawang saksi mula sa inyo (mga Muslim) na makatarungan, at inyong patunayan ang patotoo para (sa pagtanggap) ni Allah. Ito ang mga tagubilin na ibinigay sa kanya na sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw. At sinuman ang mangamba kay

Allah, Siya ang magbibigay sa kanya ng lunas sa lahat ng mga kahirapan,

وَيَرْزُقْهُ مِنْ حَيْثُ لَا يَحْتَسِبُ ۚ وَمَن يَتَوَكَّلْ عَلَى ٱللَّهِ فَهُوَ حَسْبُهُۥٓ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ بَٰلِغُ أَمْرِهِۦ ۚ قَدْ جَعَلَ ٱللَّهُ لِكُلِّ شَىْءٍ قَدْرًا ﴿٣﴾

3. At ipagkakaloob (Niya) sa kanya mula (sa panggagalingan) na hindi niya napag-aakala. At kung sinuman ang magtiwala kay Allah, kung gayon, sapat na si Allah para sa kanya. Katotohanang si Allah ay walang pagsalang makapagpapatupad ng Kanyang naisin. Si Allah ay naglapat na sa lahat ng bagay ng (takdang) saklaw (o lawak).

وَٱلَّٰٓـِٔى يَئِسْنَ مِنَ ٱلْمَحِيضِ مِن نِّسَآئِكُمْ إِنِ ٱرْتَبْتُمْ فَعِدَّتُهُنَّ ثَلَٰثَةُ أَشْهُرٍ ۚ وَٱلَّٰٓـِٔى لَمْ يَحِضْنَ ۚ وَأُو۟لَٰتُ ٱلْأَحْمَالِ أَجَلُهُنَّ أَن يَضَعْنَ حَمْلَهُنَّ ۚ وَمَن يَتَّقِ ٱللَّهَ يَجْعَل لَّهُۥ مِنْ أَمْرِهِۦ يُسْرًا ﴿٤﴾

4. At sa inyong kababaihan na lumagpas na sa panahon ng kanilang buwanang dalaw (regla), ang *Iddah* (natatakdaang panahon) para sa kanila, kung kayo ay may alinlangan (tungkol sa kanilang panahon) ay tatlong buwan, at sa mga wala pang buwanang dalaw (alalaong baga, bata pa), ang kanilang *Iddah* (natatakdaang panahon) ay gayundin (alalaong baga, tatlong buwan). At sa kanila na nagdadalang-tao, ang kanilang *Iddah* (natatakdaang panahon) ay hanggang sa sila ay makapanganak (at ganito rin ang kautusan kung namatay ang kanilang asawa). At sinuman ang mangamba kay Allah, gagawin Niya para sa kanya ang kanyang dalahin na maging magaan.

ذَٰلِكَ أَمْرُ ٱللَّهِ أَنزَلَهُۥٓ إِلَيْكُمْ ۚ وَمَن يَتَّقِ ٱللَّهَ يُكَفِّرْ عَنْهُ سَيِّـَٔاتِهِۦ وَيُعْظِمْ لَهُۥٓ أَجْرًا ﴿٥﴾

5. Ito ang Pag-uutos ni Allah na Kanyang ipinanaog sa inyo, at sinuman ang mangamba kay Allah, papalisin Niya para sa kanya ang kanyang mga maling gawa (mga kasalanan) at pag-iibayuhin Niya para sa kanya ang kanyang gantimpala.

أَسْكِنُوهُنَّ مِنْ حَيْثُ سَكَنتُم مِّن وُجْدِكُمْ وَلَا تُضَآرُّوهُنَّ لِتُضَيِّقُوا۟ عَلَيْهِنَّ ۚ وَإِن كُنَّ أُو۟لَٰتِ حَمْلٍ فَأَنفِقُوا۟ عَلَيْهِنَّ حَتَّىٰ يَضَعْنَ حَمْلَهُنَّ ۚ فَإِنْ أَرْضَعْنَ لَكُمْ فَـَٔاتُوهُنَّ أُجُورَهُنَّ ۖ وَأْتَمِرُوا۟ بَيْنَكُم بِمَعْرُوفٍ ۖ وَإِن تَعَاسَرْتُمْ فَسَتُرْضِعُ لَهُۥٓ أُخْرَىٰ ﴿٦﴾

6. Hayaan ang mga nadiborsyong babae ay manahan kung saan kayo tumitira, ng ayon sa inyong kakayahan, at sila ay huwag ninyong pakitunguhan sa masamang paraan upang sila ay mapilitan na umalis. At kung sila ay magdalang-tao, kung gayon, kayo ay gumugol ng inyong yaman sa kanila hanggang sa sila ay makapanganak, at kung sila ay nagpapasuso ng inyong supling, kung gayon, sila ay bigyan ninyo ng kabayaran at magsanggunian kayo sa isa't isa sa katanggap-tanggap na paraan, datapuwa't kung kayo ay malagay sa kahirapan, kung

gayon, maaaring ibang babae ang magpasuso para sa kanya (alalaong baga, para sa ama sa kapakanan ng bata).

لِيُنفِقْ ذُو سَعَةٍ مِّن سَعَتِهِۦ ۖ وَمَن قُدِرَ عَلَيْهِ رِزْقُهُۥ فَلْيُنفِقْ مِمَّآ ءَاتَىٰهُ ٱللَّهُ ۚ لَا يُكَلِّفُ ٱللَّهُ نَفْسًا إِلَّا مَآ ءَاتَىٰهَا ۚ سَيَجْعَلُ ٱللَّهُ بَعْدَ عُسْرٍ يُسْرًا ﴿٧﴾

7. Hayaan ang lalaki na may kakayahan ay gumugol ng ayon sa kanyang kakayahan, at ang lalaki na ang pinagkukunan (ng kabuhayan) ay sapat-sapat lamang, hayaang gumugol siya ng ayon sa anumang ipinagkaloob sa kanya ni Allah. Si Allah ay hindi magbibigay ng pasakit (o dalahin) sa isang tao nang higit sa ipinagkaloob Niya sa kanya. At si Allah ang magkakaloob, matapos ang kahirapan, ng kaginhawahan.

وَكَأَيِّن مِّن قَرْيَةٍ عَتَتْ عَنْ أَمْرِ رَبِّهَا وَرُسُلِهِۦ فَحَاسَبْنَٰهَا حِسَابًا شَدِيدًا وَعَذَّبْنَٰهَا عَذَابًا نُّكْرًا ﴿٨﴾

8. At gaano karami sa sangkatauhan ang lantarang sumasalansang sa Pag-uutos ng kanyang Panginoon at ng Kanyang mga Sugo, kaya't tinawag Namin sila sa matinding pagsusulit at pinarusahan sila nang isang kalagim-lagim na kaparusahan (sa Impiyerno sa Kabilang Buhay).

فَذَاقَتْ وَبَالَ أَمْرِهَا وَكَانَ عَٰقِبَةُ أَمْرِهَا خُسْرًا ﴿٩﴾

9. At kanilang nalasap ang masamang kinasapitan ng kanilang mga gawa (kawalan ng pananalig) at ang kinahinatnan ng kanilang kawalan ng pananalig ay pagkalugi (kapinsalaan sa buhay na ito at walang hanggang kapahamakan sa Kabilang Buhay).

أَعَدَّ ٱللَّهُ لَهُمْ عَذَابًا شَدِيدًا ۖ فَٱتَّقُوا۟ ٱللَّهَ يَٰٓأُو۟لِى ٱلْأَلْبَٰبِ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ۚ قَدْ أَنزَلَ ٱللَّهُ إِلَيْكُمْ ذِكْرًا ﴿١٠﴾

10. Si Allah ang naghanda para sa kanila ng isang kasakit-sakit na kaparusahan (sa Kabilang Buhay). Kaya't inyong pangambahan si Allah, O mga tao na may pang-unawa at sumasampalataya! Katotohanang si Allah ay nagpapanaog sa inyo ng isang Paala-ala (ang Qur'an),

رَّسُولًا يَتْلُوا۟ عَلَيْكُمْ ءَايَٰتِ ٱللَّهِ مُبَيِّنَٰتٍ لِّيُخْرِجَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ مِنَ ٱلظُّلُمَٰتِ إِلَى ٱلنُّورِ ۚ وَمَن يُؤْمِنۢ بِٱللَّهِ وَيَعْمَلْ صَٰلِحًا يُدْخِلْهُ جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَآ أَبَدًا ۖ قَدْ أَحْسَنَ ٱللَّهُ لَهُۥ رِزْقًا ﴿١١﴾

11. (At nagparating din sa inyo) ng isang Sugo (Muhammad), na nagpapaala-ala at dumadalit sa mga Talata ni Allah (ang Qur'an), na nagtataglay nang malilinaw na paliwanag upang kanyang maakay ang mga sumasampalataya at nagsisigawa ng katuwiran mula sa kadiliman (kawalan ng pananalig) tungo sa kaliwanagan (Tunay na Pananampalataya). At sa mga nananampalataya kay Allah at nagsisigawa ng

kabutihan ay Kanyang tatanggapin sila sa mga Hardin na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso) upang manahan dito magpakailanman. (Katotohanang) si Allah ang magbibigay-kaganapan para sa kanya ng isang kabuhayan (panustos).

12. Si Allah ang lumikha ng pitong kalangitan at ng kalupaan sa gayong ding bilang (pito). Ang Kanyang pag-uutos ay bumababa sa pagitan nila (ng langit at lupa), upang inyong maalaman na si Allah ang may Kapangyarihan sa lahat ng bagay at si Allah ang Nakakaalam ng lahat ng bagay.

ٱللَّهُ ٱلَّذِى خَلَقَ سَبْعَ سَمَٰوَٰتٍ وَمِنَ ٱلْأَرْضِ
مِثْلَهُنَّ يَتَنَزَّلُ ٱلْأَمْرُ بَيْنَهُنَّ لِتَعْلَمُوٓا۟ أَنَّ ٱللَّهَ عَلَىٰ
كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ وَأَنَّ ٱللَّهَ قَدْ أَحَاطَ بِكُلِّ شَىْءٍ
عِلْمًا ﴿١٢﴾

سُورَةُ التَّحْرِيمِ

Surah 66

Surat At-Tahrim
(Ang Pagbabawal)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. O Propeta! Bakit mo ipinagbabawal (sa iyong sarili) ang bagay na ginawang pinahihintulutan ni Allah sa iyo, na humahanap ng pagsang-ayon ng iyong mga asawa? At si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Pinakamaawain.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّبِىُّ لِمَ تُحَرِّمُ مَآ أَحَلَّ ٱللَّهُ لَكَ ۖ تَبْتَغِى
مَرْضَاتَ أَزْوَٰجِكَ ۚ وَٱللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١﴾

2. Si Allah ang nag-utos sa inyo (O kalalakihan) na pawalang-bisa ang inyong panata (pangako). At si Allah ang inyong Tagapangalaga, at Siya ang Pinakamaalam, ang Tigib ng Karunungan.

قَدْ فَرَضَ ٱللَّهُ لَكُمْ تَحِلَّةَ أَيْمَٰنِكُمْ ۚ وَٱللَّهُ مَوْلَىٰكُمْ ۖ
وَهُوَ ٱلْعَلِيمُ ٱلْحَكِيمُ ﴿٢﴾

3. At (alalahanin) nang ang Propeta ay nagsiwalat ng bagay na dapat ingatan (at ilihim) sa isa sa kanyang mga asawa (si Hafsa), at ipinagtapat din naman (ng kanyang asawa sa iba pa; kay Aisha), at ginawa ni Allah na kanya itong mapag-alaman, at hinayaan niyang mapag-alaman (ng kanyang asawa) ang bahagi nito at hindi niya isiniwalat ang ibang bahagi. At nang kanyang ipagtapat (sa kanyang asawang si

وَإِذْ أَسَرَّ ٱلنَّبِىُّ إِلَىٰ بَعْضِ أَزْوَٰجِهِۦ حَدِيثًا فَلَمَّا
نَبَّأَتْ بِهِۦ وَأَظْهَرَهُ ٱللَّهُ عَلَيْهِ عَرَّفَ بَعْضَهُۥ
وَأَعْرَضَ عَنۢ بَعْضٍ ۖ فَلَمَّا نَبَّأَهَا بِهِۦ قَالَتْ مَنْ أَنۢبَأَكَ
هَٰذَا ۖ قَالَ نَبَّأَنِىَ ٱلْعَلِيمُ ٱلْخَبِيرُ ﴿٣﴾

Hafsa) ang mga ito, siya (Hafsa) ay nagsabi: "Sino ang nagpahayag sa iyo ng mga ito"? Siya (ang Propeta) ay nagsabi: "Siya (Allah) na Puspos ng Karunungan, ang Ganap na Nakakaalam, ang nagpahayag sa akin."

إِن تَتُوبَآ إِلَى ٱللَّهِ فَقَدْ صَغَتْ قُلُوبُكُمَا ۖ وَإِن تَظَٰهَرَا عَلَيْهِ فَإِنَّ ٱللَّهَ هُوَ مَوْلَىٰهُ وَجِبْرِيلُ وَصَٰلِحُ ٱلْمُؤْمِنِينَ ۖ وَٱلْمَلَٰٓئِكَةُ بَعْدَ ذَٰلِكَ ظَهِيرٌ ﴿٤﴾

4. At kung kayong dalawa (na mga asawa ng Propeta, sina Aisha at Hafsa) ay dumulog sa pagsisisi kay Allah (ito ay higit na mainam sa inyo), sapagkat ang inyong puso ay katotohanang nagnanais (na tutulan ang naiibigan ng Propeta), datapuwa't kung kayo ay magtulungan sa isa't-isa nang laban sa kanya (Muhammad), kung gayon, katotohanang si Allah ang kanyang Tagapagtanggol, (Panginoon, Tagapangalaga), at si Gabriel, at ang mga matutuwid sa lipon ng nananampalataya, at bukod pa rito, ang mga anghel ang kanyang katuwang.

عَسَىٰ رَبُّهُۥٓ إِن طَلَّقَكُنَّ أَن يُبْدِلَهُۥٓ أَزْوَٰجًا خَيْرًا مِّنكُنَّ مُسْلِمَٰتٍ مُّؤْمِنَٰتٍ قَٰنِتَٰتٍ تَٰٓئِبَٰتٍ عَٰبِدَٰتٍ سَٰٓئِحَٰتٍ ثَيِّبَٰتٍ وَأَبْكَارًا ﴿٥﴾

5. Maaaring mangyari na kung kayong (lahat) ay diborsiyuhin niya, ang kanyang Panginoon ay magkakaloob sa kanya sa halip ninyo ng mga asawa na higit na mainam sa inyo, mga Muslim (na sumusuko kay Allah), na nananampalataya at matimtiman, na mapagsisi, na sumasamba nang buong kababaan at lumilikas (sa ibang lugar) tungo (sa Kapakanan ni Allah), at nag-aayuno maging balo man o dalaga.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ قُوٓا۟ أَنفُسَكُمْ وَأَهْلِيكُمْ نَارًا وَقُودُهَا ٱلنَّاسُ وَٱلْحِجَارَةُ عَلَيْهَا مَلَٰٓئِكَةٌ غِلَاظٌ شِدَادٌ لَّا يَعْصُونَ ٱللَّهَ مَآ أَمَرَهُمْ وَيَفْعَلُونَ مَا يُؤْمَرُونَ ﴿٦﴾

6. O kayong nagsisisampalataya! Iadya ninyo ang inyong sarili at inyong mga kaanak sa Apoy (ng Impiyerno) na ang panggatong ay mga tao at bato, na rito ay nakatalaga ang mga anghel na malupit at mahigpit na hindi sumusuway sa pagsunod sa anumang pag-uutos na kanilang tinatanggap mula kay Allah, bagkus ay gumagawa ng ayon sa anumang sa kanila ay ipinag-uutos.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لَا تَعْتَذِرُوا۟ ٱلْيَوْمَ ۖ إِنَّمَا تُجْزَوْنَ مَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٧﴾

7. (At sa Kabilang Buhay ay ipagtuturing): "O kayong hindi nananampalataya (sa Kaisahan ni Allah at sa Islam)! Huwag kayong gumawa ng mga dahilan (ng pag-iwas) sa Araw na ito! Kayo ay binayaran lamang bilang kapalit ng inyong mga ginawa!"

يَٰٓأَيُّهَا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ تُوبُوٓا۟ إِلَى ٱللَّهِ تَوْبَةً نَّصُوحًا عَسَىٰ رَبُّكُمْ أَن يُكَفِّرَ عَنكُمْ سَيِّـَٔاتِكُمْ وَيُدْخِلَكُمْ جَنَّٰتٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ يَوْمَ لَا يُخْزِى ٱللَّهُ ٱلنَّبِىَّ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مَعَهُۥ ۖ نُورُهُمْ يَسْعَىٰ بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَبِأَيْمَٰنِهِمْ يَقُولُونَ رَبَّنَآ أَتْمِمْ لَنَا نُورَنَا وَٱغْفِرْ لَنَآ ۖ إِنَّكَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿٨﴾

8. O kayong nagsisisampalataya! Magsibaling kayo kay Allah nang may matapat na pagsisisi! At umasam na ang inyong Panginoon ay magpapatawad sa inyo ng inyong kasalanan at Kanyang tatanggapin kayo sa Halamanan na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy (Paraiso), sa Araw na si Allah ay hindi magpapahintulot na ang Propeta (Muhammad) ay hamakin, gayundin ang mga nananalig sa kanya. Ang kanilang Liwanag ay magsisitakbo sa kanilang harapan na kasama (ang kanilang Talaan, ang mga aklat ng gawa) sa kanilang kanang kamay, (at) sila ay magsasabi: "O Aming Panginoon! Inyong ganapin ang (aming) Liwanag sa amin (at huwag Ninyo itong patdin hanggang kami ay hindi nakalalampas sa *Sirat* [isang madulas na Tulay sa ibabaw ng Impiyerno] na ligtas) at ipagkaloob Ninyo sa amin ang Kapatawaran. Katotohanang Kayo ang may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

يَٰٓأَيُّهَا ٱلنَّبِىُّ جَٰهِدِ ٱلْكُفَّارَ وَٱلْمُنَٰفِقِينَ وَٱغْلُظْ عَلَيْهِمْ ۚ وَمَأْوَىٰهُمْ جَهَنَّمُ ۖ وَبِئْسَ ٱلْمَصِيرُ ﴿٩﴾

9. O Propeta (Muhammad)! Magsumikap kang maigi laban sa mga hindi sumasampalataya at sa mga mapagkunwari, at maging mabalasik ka laban sa kanila. Ang kanilang pananahanan ay Impiyerno. Katotohanang pagkasama-sama ng gayong hantungan.

ضَرَبَ ٱللَّهُ مَثَلًا لِّلَّذِينَ كَفَرُوا۟ ٱمْرَأَتَ نُوحٍ وَٱمْرَأَتَ لُوطٍ ۖ كَانَتَا تَحْتَ عَبْدَيْنِ مِنْ عِبَادِنَا صَٰلِحَيْنِ فَخَانَتَاهُمَا فَلَمْ يُغْنِيَا عَنْهُمَا مِنَ ٱللَّهِ شَيْـًٔا وَقِيلَ ٱدْخُلَا ٱلنَّارَ مَعَ ٱلدَّٰخِلِينَ ﴿١٠﴾

10. Si Allah ay nagturing ng isang halimbawa sa mga hindi sumasampalataya, ang asawa ni Noah at asawa ni Lut. Sila ay kapwa nasa ilalim (ng pangangalaga) ng dalawa Naming matutuwid na alipin (Sugo), datapuwa't sila ay hindi tapat sa kanilang asawa (sa dahilang tinututulan nila ang kanilang pagtuturo), kaya't sila (Noah at Lut) ay walang napakinabang (sa kanilang ginawa sa harapan ni Allah), at sila (asawa ni Noah at Lut) ay pinagsabihan: "Magsipasok (kayo) sa Apoy na kasama ang mga nagsisipasok."

وَضَرَبَ ٱللَّهُ مَثَلًا لِّلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ ٱمْرَأَتَ فِرْعَوْنَ إِذْ قَالَتْ رَبِّ ٱبْنِ لِى عِندَكَ بَيْتًا فِى ٱلْجَنَّةِ وَنَجِّنِى مِن فِرْعَوْنَ وَعَمَلِهِۦ وَنَجِّنِى مِنَ ٱلْقَوْمِ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿١١﴾

11. At si Allah ay nagturing ng isang halimbawa sa mga sumasampalataya, ang asawa ni Paraon, nang siya ay manikluhod: "O Aking Panginoon! Inyong ipagtayo ako ng isang Tahanan sa Halamanan na malapit sa Inyo at ako ay Inyong iligtas kay Paraon at sa kanyang gawa, at Inyong

iligtas ako sa mga mapaggawa ng kasamaan (mapagsamba sa mga diyus-diyosan, walang pananalig kay Allah).

وَمَرْيَمَ ٱبْنَتَ عِمْرَٰنَ ٱلَّتِىٓ أَحْصَنَتْ فَرْجَهَا فَنَفَخْنَا فِيهِ مِن رُّوحِنَا وَصَدَّقَتْ بِكَلِمَٰتِ رَبِّهَا وَكُتُبِهِۦ وَكَانَتْ مِنَ ٱلْقَٰنِتِينَ ﴿١٢﴾

12. At si Maria, na anak na babae ni Imran na nangangalaga sa kanyang kalinisan (sa kapurihan); at Aming hiningahan (ang manggas ng kanyang damit) sa pamamagitan ng Aming *Ruh* (alalaong baga, si Gabriel), at siya ay naniwala sa mga Salita ng kanyang Panginoon (alalaong baga, ang pagsampalataya sa Salita ni Allah: "Mangyari nga!", ito si Hesus na anak ni Maria bilang isang Sugo ni Allah), at gayundin sa Kanyang mga Kasulatan, siya ay isa sa mga matimtimang tagapaglingkod.

سُورَةُ ٱلْمُلْكِ

Surah 67

Surat Al-Mulk
(Ang Paghahari sa Kapamahalaan)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

تَبَارَكَ ٱلَّذِى بِيَدِهِ ٱلْمُلْكُ وَهُوَ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ قَدِيرٌ ﴿١﴾

1. Luwalhatiin Siya (Allah), nasa sa Kanyang Kamay (ang pag-aangkin) ng Paghahari at Pamamahala, at Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

ٱلَّذِى خَلَقَ ٱلْمَوْتَ وَٱلْحَيَوٰةَ لِيَبْلُوَكُمْ أَيُّكُمْ أَحْسَنُ عَمَلًا ۚ وَهُوَ ٱلْعَزِيزُ ٱلْغَفُورُ ﴿٢﴾

2. Siya na lumikha ng kamatayan at buhay upang masubukan Niya kung sino sa inyo ang pinakamahusay sa gawa (asal at pag-uugali), at Siya ang Sukdol sa Kapangyarihan, ang Lubos na Mapagpatawad.

ٱلَّذِى خَلَقَ سَبْعَ سَمَٰوَٰتٍ طِبَاقًا ۖ مَّا تَرَىٰ فِى خَلْقِ ٱلرَّحْمَٰنِ مِن تَفَٰوُتٍ ۖ فَٱرْجِعِ ٱلْبَصَرَ هَلْ تَرَىٰ مِن فُطُورٍ ﴿٣﴾

3. Siya na lumikha ng pitong kalangitan na magkakapatong sa isa't isa. Ikaw ay walang mapagmamalas na kamalian sa mga Likha ng (Diyos na) Pinakamahabagin. Kaya't muli mong ibaling ang iyong paningin: "Ikaw ba ay nakamamalas ng anumang siwang (o lamat)?"

ثُمَّ ٱرْجِعِ ٱلْبَصَرَ كَرَّتَيْنِ يَنقَلِبْ إِلَيْكَ ٱلْبَصَرُ خَاسِئًا وَهُوَ حَسِيرٌ ﴿٤﴾

4. Kaya't muli mong malasin at muli mo pang malasin, ang iyong paningin ay magbabalik sa iyo sa kalagayan ng pangangayupapa (pagkaaba) at napapagal.

وَلَقَدْ زَيَّنَّا ٱلسَّمَآءَ ٱلدُّنْيَا بِمَصَٰبِيحَ وَجَعَلْنَٰهَا رُجُومًا لِّلشَّيَٰطِينِ ۖ وَأَعْتَدْنَا لَهُمْ عَذَابَ ٱلسَّعِيرِ ﴿٥﴾

5. At katotohanang ginayakan (pinaganda) Namin ang pinakamalapit (pinakamababa) na kalangitan ng mga ilaw (alalaong baga, ang mga bituin), at ginawa Namin mula (sa mga ito) ang bagay na ipinupukol sa mga demonyo (alalaong baga, nagtataboy sa mga demonyo at humahadlang sa kanila upang makinig nang lihim), at Aming inihanda sa kanila ang Kaparusahan ng Naglalagablab na Apoy.

وَلِلَّذِينَ كَفَرُوا۟ بِرَبِّهِمْ عَذَابُ جَهَنَّمَ ۖ وَبِئْسَ ٱلْمَصِيرُ ﴿٦﴾

6. At sa mga nagtatakwil sa kanilang Panginoon (Allah), sasakanila ang Kaparusahan ng Impiyerno at tunay na pagkasama-sama ng gayong patutunguhan.

إِذَآ أُلْقُوا۟ فِيهَا سَمِعُوا۟ لَهَا شَهِيقًا وَهِىَ تَفُورُ ﴿٧﴾

7. At kung sila ay ihulog na rito, ay mapapakinggan nila ang (kalagim-lagim) na pagngangalit nito habang ito ay kumukulo at naglalagablab,

تَكَادُ تَمَيَّزُ مِنَ ٱلْغَيْظِ ۖ كُلَّمَآ أُلْقِىَ فِيهَا فَوْجٌ سَأَلَهُمْ خَزَنَتُهَآ أَلَمْ يَأْتِكُمْ نَذِيرٌ ﴿٨﴾

8. Na halos sumabog na sa pagkagalit. Sa tuwing may pangkat ng mga tao na inihahagis dito, ang kanyang Tagapagbantay ay nagtatanong: "Hindi baga dumatal sa inyo ang isang Tagapagbabala (Sugo)?

قَالُوا۟ بَلَىٰ قَدْ جَآءَنَا نَذِيرٌ فَكَذَّبْنَا وَقُلْنَا مَا نَزَّلَ ٱللَّهُ مِن شَىْءٍ إِنْ أَنتُمْ إِلَّا فِى ضَلَٰلٍ كَبِيرٍ ﴿٩﴾

9. Sila ay magsasabi: "Tunay nga, ang Tagapagbabala ay dumatal sa amin datapuwa't aming itinakwil siya at (kami ay) nagsabi: Si Allah ay hindi kailanman nagpadala ng anumang (kapahayagan) sa amin, ikaw lamang ang nasa malaking kamalian."

وَقَالُوا۟ لَوْ كُنَّا نَسْمَعُ أَوْ نَعْقِلُ مَا كُنَّا فِىٓ أَصْحَٰبِ ٱلسَّعِيرِ ﴿١٠﴾

10. At sila ay magsasabi: "Kung nakinig lamang kami at gumamit ng aming pag-iisip, hindi sana kami magsisitahan sa Naglalagablab na Apoy!"

فَٱعْتَرَفُوا۟ بِذَنۢبِهِمْ فَسُحْقًا لِّأَصْحَٰبِ ٱلسَّعِيرِ ﴿١١﴾

11. Kaya't inamin nila ang kanilang mga kasalanan, datapuwa't malayo sa kapatawaran (at habag) ang mga nagsisitahan sa Naglalagablab na Apoy.

إِنَّ ٱلَّذِينَ يَخْشَوْنَ رَبَّهُم بِٱلْغَيْبِ لَهُم مَّغْفِرَةٌ وَأَجْرٌ كَبِيرٌ ﴿١٢﴾

12. Katotohanang sila na may pangangamba sa kanilang Panginoon, (kahit) hindi man nila nakikita Siya, sasakanila ang kapatawaran at malaking gantimpala (Paraiso).

وَأَسِرُّوا۟ قَوْلَكُمْ أَوِ ٱجْهَرُوا۟ بِهِۦ ۖ إِنَّهُۥ عَلِيمٌۢ بِذَاتِ ٱلصُّدُورِ ﴿١٣﴾

13. At kahit na ilihim pa ninyo ang inyong salita o ihayag man ito, katotohanang Siya ang may ganap na kaalaman sa nilalaman ng dibdib (ng mga tao).

أَلَا يَعْلَمُ مَنْ خَلَقَ وَهُوَ ٱللَّطِيفُ ٱلْخَبِيرُ ﴿١٤﴾

14. Hindi baga Niya talastas kung sino (at ano) ang Kanyang nilikha, samantalang Siya ang Ganap na Nakababatid, ang Pinakamahusay?

هُوَ ٱلَّذِى جَعَلَ لَكُمُ ٱلْأَرْضَ ذَلُولًا فَٱمْشُوا۟ فِى مَنَاكِبِهَا وَكُلُوا۟ مِن رِّزْقِهِۦ ۖ وَإِلَيْهِ ٱلنُّشُورُ ﴿١٥﴾

15. Siya ang gumawa na ang kalupaan ay maging maamo (alalaong baga, matatag at masunurin upang kayo ay makalakad, makapamuhay, makapagtanim, atbp. dito), kaya't inyong tahakin ang mga landas nito at inyong tamasahin ang mga biyaya na Kanyang ipinagkaloob, at sa Kanya ang Muling Pagkabuhay.

ءَأَمِنتُم مَّن فِى ٱلسَّمَآءِ أَن يَخْسِفَ بِكُمُ ٱلْأَرْضَ فَإِذَا هِىَ تَمُورُ ﴿١٦﴾

16. Kayo baga ay nakadarama ng kapanatagan na Siya (na naghahawak ng kapamahalaan) sa kalangitan ay hindi magpapapangyari sa kalupaan na lagumin kayo at kapagkaraka ito ay gumiray (mayanig sa paglindol)?

أَمْ أَمِنتُم مَّن فِى ٱلسَّمَآءِ أَن يُرْسِلَ عَلَيْكُمْ حَاصِبًا ۖ فَسَتَعْلَمُونَ كَيْفَ نَذِيرِ ﴿١٧﴾

17. O kayo baga ay nakadarama ng kapanatagan na Siya (na naghahawak ng kapamahalaan) sa kalangitan ay hindi magpaparating laban sa inyo ng isang bagyo ng mga bato? At inyong mapag-aalaman kung gaano kasindak-sindak ang Aking babala?

وَلَقَدْ كَذَّبَ ٱلَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ فَكَيْفَ كَانَ نَكِيرِ ﴿١٨﴾

18. Katotohanan, ang mga tao na nanga-una sa kanila ay nagsipagtakwil (sa Aking babala, [alalaong baga], sa mga Sugo ni Allah). Pagmasdan kung gaano kasakit-sakit ang Aking pagkapoot sa kanila?

أَوَلَمْ يَرَوْا۟ إِلَى ٱلطَّيْرِ فَوْقَهُمْ صَٰٓفَّٰتٍ وَيَقْبِضْنَ ۚ مَا يُمْسِكُهُنَّ إِلَّا ٱلرَّحْمَٰنُ ۚ إِنَّهُۥ بِكُلِّ شَىْءٍۭ بَصِيرٌ ﴿١٩﴾

19. Hindi baga nila napagmamasdan ang mga ibon sa kaitaasan na ibinubuka at itinitiklop ang kanilang pakpak? Wala ng iba pa ang nagtatangan sa kanila (na makapaibabaw) maliban kay Allah na Pinakamahabagin. Katotohanang Siya ang Nakamamasid sa lahat ng bagay.

أَمَّنْ هَٰذَا ٱلَّذِى هُوَ جُندٌ لَّكُمْ يَنصُرُكُم مِّن دُونِ ٱلرَّحْمَٰنِ ۚ إِنِ ٱلْكَٰفِرُونَ إِلَّا فِى غُرُورٍ ﴿٢٠﴾

20. O sino baga kaya ang maaaring maging isang hukbo upang makatulong sa inyo maliban pa sa Pinakamahabagin (Allah)? Ang mga hindi sumasampalataya ay walang pinanghahawakan maliban sa pag-aakala na walang saysay.

أَمَّنْ هَٰذَا ٱلَّذِى يَرْزُقُكُمْ إِنْ أَمْسَكَ رِزْقَهُۥ ۚ بَل لَّجُّوا۟ فِى عُتُوٍّ وَنُفُورٍ ﴿٢١﴾

21. At sino baga kaya ang makapagbibigay sa inyo ng ikabubuhay (pangangailangan) kung ninais Niya na ipagkait sa inyo ang Kanyang biyaya? Datapuwa't sila ay nagpatuloy sa (kanilang) kapusungan at pag-ayaw.

أَفَمَن يَمْشِي مُكِبًّا عَلَىٰ وَجْهِهِۦٓ أَهْدَىٰٓ أَمَّن يَمْشِي سَوِيًّا عَلَىٰ صِرَٰطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿٢٢﴾

22. Siya (ang tao) baga na lumalakad sa kahabaan (ng landas) na ang kaniyang mukha ay nangangapa ay mainam na napapatnubayan? O siya kaya na (nakakakita) at lumalakad nang panatag sa Tuwid na Landas (alalaong baga sa paniniwala sa Kaisahan ni Allah)?

قُلْ هُوَ ٱلَّذِىٓ أَنشَأَكُمْ وَجَعَلَ لَكُمُ ٱلسَّمْعَ وَٱلْأَبْصَٰرَ وَٱلْأَفْـِٔدَةَ ۖ قَلِيلًا مَّا تَشْكُرُونَ ﴿٢٣﴾

23. Ipagbadya: "Siya (Allah) ang lumikha sa inyo at naggawad sa inyo ng pandinig at paningin at puso (pang-unawa). Kakarampot lamang ang pasasalamat na inyong isinusukli!"

قُلْ هُوَ ٱلَّذِى ذَرَأَكُمْ فِى ٱلْأَرْضِ وَإِلَيْهِ تُحْشَرُونَ ﴿٢٤﴾

24. Ipagbadya: "Siya ang nagparami sa inyong bilang dito sa sangkalupaan at sa Kanya ay titipunin kayo nang sama-sama (sa Kabilang Buhay).

وَيَقُولُونَ مَتَىٰ هَٰذَا ٱلْوَعْدُ إِن كُنتُمْ صَٰدِقِينَ ﴿٢٥﴾

25. Sila ay nagsisipag-usisa: "Kailan baga kaya magaganap ang pangakong yaon (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay) kung ikaw ay nagsasaysay ng katotohanan?"

قُلْ إِنَّمَا ٱلْعِلْمُ عِندَ ٱللَّهِ وَإِنَّمَآ أَنَا۠ نَذِيرٌ مُّبِينٌ ﴿٢٦﴾

26. Ipagbadya (O Muhammad): "Ang kaalaman (tungkol sa Huling Oras) ay tanging na kay Allah lamang. At ako ay isinugo lamang bilang isang Tagapagpaala-ala sa inyo."

فَلَمَّا رَأَوْهُ زُلْفَةً سِيٓـَٔتْ وُجُوهُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ وَقِيلَ هَٰذَا ٱلَّذِى كُنتُم بِهِۦ تَدَّعُونَ ﴿٢٧﴾

27. Datapuwa't kung kanilang makikita ito (ang kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay) na paparating na, ang mukha ng mga hindi sumasampalataya ay magiging iba (maitim, malungkot at naninimdim), at sa kanila ay ipagtuturing: "Ito ang pangako na inyong hinihiling noon!"

قُلْ أَرَءَيْتُمْ إِنْ أَهْلَكَنِىَ ٱللَّهُ وَمَن مَّعِىَ أَوْ رَحِمَنَا فَمَن يُجِيرُ ٱلْكَٰفِرِينَ مِنْ عَذَابٍ أَلِيمٍ ﴿٢٨﴾

28. Ipagbadya (O Muhammad): "Napag-aakala ba ninyo na kung si Allah ay pumuksa sa akin at sa aking mga kasama, o kung Siya ay maggawad ng Kanyang Habag sa amin, sino baga kaya ang makapagliligtas sa mga hindi sumasampalataya sa kasakit-sakit na Kaparusahan?"

قُلْ هُوَ ٱلرَّحْمَٰنُ ءَامَنَّا بِهِۦ وَعَلَيْهِ تَوَكَّلْنَا ۖ فَسَتَعْلَمُونَ مَنْ هُوَ فِى ضَلَٰلٍ مُّبِينٍ ﴿٢٩﴾

29. Ipagbadya: "Siya ang Pinakamahabagin (Allah). Sa Kanya kami ay sumasampalataya at sa Kanya ay aming ipinapaubaya ang aming pagtitiwala. At hindi maglalaon ay inyong mapag-aalaman kung sino sa atin ang nasa lantad na kamalian."

قُلْ أَرَءَيْتُمْ إِنْ أَصْبَحَ مَآؤُكُمْ غَوْرًا فَمَن يَأْتِيكُم بِمَآءٍ مَّعِينٍۭ ﴿٣٠﴾

30. Ipagbadya (O Muhammad): "Napag-aakala ba ninyo na kung ang lahat ng tubig ay masaid sa kalupaan, sino baga kaya ang makapagbibigay sa inyo ng tubig na malinaw na umaagos?"

Surah 68

Surat Al-Qalam
(Ang Panulat)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

نٓ ۚ وَٱلْقَلَمِ وَمَا يَسْطُرُونَ ﴿١﴾

1. Nun. (Ang titik Na. Ito ay isa sa mga milagro ng Qur'an at tanging si Allah lamang ang nakakaalam sa tunay nitong kahulugan). Ako (Allah) ay nanunumpa sa Panulat at sa isinulat (ng mga anghel sa Talaan ng mga tao).

مَآ أَنتَ بِنِعْمَةِ رَبِّكَ بِمَجْنُونٍ ﴿٢﴾

2. Ikaw nga (O Muhammad), sa pamamagitan ng biyaya ng iyong Panginoon ay hindi isang baliw.

وَإِنَّ لَكَ لَأَجْرًا غَيْرَ مَمْنُونٍ ﴿٣﴾

3. Katotohanang sasaiyo (O Muhammad) ang gantimpala na walang maliw.

وَإِنَّكَ لَعَلَىٰ خُلُقٍ عَظِيمٍ ﴿٤﴾

4. At katotohanang ikaw (O Muhammad) ay nag-aangkin nang mataas (at kapuri-puri) na moral ng pag-uugali (at asal).

فَسَتُبْصِرُ وَيُبْصِرُونَ ﴿٥﴾

5. Hindi maglalaon na iyong mapagmamasdan at kanilang mapagmamasdan,

بِأَيِّيكُمُ ٱلْمَفْتُونُ ﴿٦﴾

6. Kung sino sa inyo ang inaalihan ng pagkabaliw.

إِنَّ رَبَّكَ هُوَ أَعْلَمُ بِمَن ضَلَّ عَن سَبِيلِهِۦ وَهُوَ أَعْلَمُ بِٱلْمُهْتَدِينَ ﴿٧﴾

7. Katotohanan, ang iyong Panginoon ang Lubos na Nakakaalam kung sino ang napaligaw sa Tamang Landas at Lubos na Nakakaalam kung sino ang nasa Tamang Patnubay.

فَلَا تُطِعِ ٱلْمُكَذِّبِينَ ﴿٨﴾

8. Kaya't huwag mong sundin (O Muhammad) ang mga nagpapabulaan sa mga Talata (ni Allah at sa Kanyang Sugong si Muhammad).

وَدُّوا۟ لَوْ تُدْهِنُ فَيُدْهِنُونَ ﴿٩﴾

9. Ang kanilang hangarin ay pumayag ka na makipagkasundo sa kanila (sa pananampalataya mula sa iyong kagandahang-loob), kaya't sila (rin) ay makikipagkasundo sa iyo.

وَلَا تُطِعْ كُلَّ حَلَّافٍ مَّهِينٍ ﴿١٠﴾

10. At huwag mong dinggin ang mga tao na nanunumpa nang lubhang marami (sa kasinungalingan) at walang halaga,

هَمَّازٍ مَّشَّآءٍۭ بِنَمِيمٍ ﴿١١﴾

11. Na mapanglait, na nagpapalibut-libot (at nagkakalat) ng malisyang salitain (tsismis o satsat),

مَّنَّاعٍ لِّلْخَيْرِ مُعْتَدٍ أَثِيمٍ ﴿١٢﴾

12. Na pumipigil sa mga kabutihan, lumalabag sa hangganan ng pagsuway at makasalanan,

عُتُلٍّۭ بَعْدَ ذَٰلِكَ زَنِيمٍ ﴿١٣﴾

13. Malupit, at higit pa roon, ay isang wala sa katwiran ng pagpapamarali (alalaong baga, nag-aangkin ng maling angkan o pamilya).

أَن كَانَ ذَا مَالٍ وَبَنِينَ ﴿١٤﴾

14. (Gayon siya), sapagkat siya ay nagtataglay ng mga kayamanan at maraming anak,

إِذَا تُتْلَىٰ عَلَيْهِ ءَايَٰتُنَا قَالَ أَسَٰطِيرُ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿١٥﴾

15. Na kung ang Aming mga Talata (ng Qur'an) ay ipinaparinig sa kanya, siya ay nagsasabi: "Mga kathang kuwento lamang ng mga tao ng panahong sinauna (lumipas)!"

سَنَسِمُهُۥ عَلَى ٱلْخُرْطُومِ ﴿١٦﴾

16. Tatatakan Namin ang kanyang ilong!

إِنَّا بَلَوْنَٰهُمْ كَمَا بَلَوْنَآ أَصْحَٰبَ ٱلْجَنَّةِ إِذْ أَقْسَمُوا۟ لَيَصْرِمُنَّهَا مُصْبِحِينَ ﴿١٧﴾

17. Katotohanang Aming sinubukan sila na katulad rin ng ginawa Naming pagsubok sa mga Tao ng Halamanan, nang sila ay mangako sa isa't isa na kanilang pipitasin ang mga bunga (ng Halamanan) sa kinaumagahan.

وَلَا يَسْتَثْنُونَ ﴿١٨﴾

18. At sila ay hindi nag-aatubili (kung ito ay pahihintulutan ni Allah).

فَطَافَ عَلَيْهَا طَآئِفٌ مِّن رَّبِّكَ وَهُمْ نَآئِمُونَ ﴿١٩﴾

19. At naglibot dito (sa halamanan) ang isang naglilibot (apoy) na mula sa iyong Panginoon, (at ito ay sinunog) habang sila ay natutulog.

فَأَصْبَحَتْ كَٱلصَّرِيمِ ﴿٢٠﴾

20. Kaya't sa kinaumagahan, ito ay natulad sa nasalantang lugar (na ang kanyang bunga ay natipon na).

فَتَنَادَوْا۟ مُصْبِحِينَ ﴿٢١﴾

21. At nang lumiwanag na (ang umaga), sila ay nagtawagan sa isa't isa,

أَنِ ٱغْدُوا۟ عَلَىٰ حَرْثِكُمْ إِن كُنتُمْ صَٰرِمِينَ ﴿٢٢﴾

22. Na nagsasabi: "Kayo ay magsiparoon sa inyong bukirin kung nais ninyong anihin ang mga bunga."

فَٱنطَلَقُوا۟ وَهُمْ يَتَخَٰفَتُونَ ﴿٢٣﴾

23. Kaya't sila ay nagsilakad na nagsasalitaan nang lihim sa isa't-isa sa mahinang tinig (na nagsasabi):

أَن لَّا يَدْخُلَنَّهَا ٱلْيَوْمَ عَلَيْكُم مِّسْكِينٌ ﴿٢٤﴾

24. Huwag hayaan ang sinumang mahirap na tao na makapasok (sa halamanan) sa araw na ito.

وَغَدَوْا۟ عَلَىٰ حَرْدٍ قَـٰدِرِينَ ﴿٢٥﴾

25. At sila ay pumaroon (doon) ng maaga na may matibay na hangad, na nag-aakala na sila ay may kapangyarihan (na hadlangan ang mahirap sa pagkuha ng anuman sa mga bunga nito).

فَلَمَّا رَأَوْهَا قَالُوٓا۟ إِنَّا لَضَآلُّونَ ﴿٢٦﴾

26. Ngunit nang kanilang mamasdan (ang halamanan), sila ay nagsipagsabi: "Katotohanang tayo ay napaligaw (sa ating patutunguhan)!"

بَلْ نَحْنُ مَحْرُومُونَ ﴿٢٧﴾

27. "Tunay ngang tayo ay pinagkaitan sa mga bunga (ng ating paghihirap)!"

قَالَ أَوْسَطُهُمْ أَلَمْ أَقُل لَّكُمْ لَوْلَا تُسَبِّحُونَ ﴿٢٨﴾

28. Ang pinakamagaling sa kanila ay nagsabi: "Hindi ba aking tinuran sa inyo: Bakit hindi ninyo luwalhatiin si Allah?"

قَالُوا۟ سُبْحَـٰنَ رَبِّنَآ إِنَّا كُنَّا ظَـٰلِمِينَ ﴿٢٩﴾

29. At sila ay nagbadya: "Luwalhatiin ang ating Panginoon! Katotohanang tayo ay nagkasala!"

فَأَقْبَلَ بَعْضُهُمْ عَلَىٰ بَعْضٍ يَتَلَـٰوَمُونَ ﴿٣٠﴾

30. Kaya't sila ay bumaling sa isa't-isa na nagsusumbatan (nagsisisihan),

قَالُوا۟ يَـٰوَيْلَنَآ إِنَّا كُنَّا طَـٰغِينَ ﴿٣١﴾

31. Na nagsasabi: "Kasawian sa atin! Tunay ngang tayo ay mga mapaglabag sa kautusan (at palasuway).

عَسَىٰ رَبُّنَآ أَن يُبْدِلَنَا خَيْرًا مِّنْهَآ إِنَّآ إِلَىٰ رَبِّنَا رَٰغِبُونَ ﴿٣٢﴾

32. Maaari na ang ating Panginoon ay magkaloob sa atin ng isang higit na mainam na halamanan kaysa rito (kung tayo ay magbalik-loob sa Kanya). Katotohanang kami tungo sa aming Panginoon ay naghahangad (ng Kanyang habag, pagpapatawad at kasaganaan)."

كَذَٰلِكَ ٱلْعَذَابُ ۖ وَلَعَذَابُ ٱلْـَٔاخِرَةِ أَكْبَرُ ۚ لَوْ كَانُوا۟ يَعْلَمُونَ ﴿٣٣﴾

33. Ganito ang kaparusahan (sa buhay na ito), datapuwa't katotohanang higit na matindi ang kaparusahan sa Kabilang Buhay, kung kanila lamang nababatid.

إِنَّ لِلْمُتَّقِينَ عِندَ رَبِّهِمْ جَنَّـٰتِ ٱلنَّعِيمِ ﴿٣٤﴾

34. Katotohanang sa mga matutuwid (at matimtimang nananampalataya kay Allah), sasakanila ang mga Hardin ng Kaligayahan (Paraiso) mula sa kanilang Panginoon.

أَفَنَجْعَلُ ٱلْمُسْلِمِينَ كَٱلْمُجْرِمِينَ ﴿٣٥﴾

35. Ituturing ba Namin na magkatulad ang mga sumasampalataya (mga Muslim) sa mga makasalanan (mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah)?

مَا لَكُمْ كَيْفَ تَحْكُمُونَ ﴿٣٦﴾

36. Ano ang nagpapagulo sa inyo? Paano kayo humahatol?

أَمْ لَكُمْ كِتَٰبٌ فِيهِ تَدْرُسُونَ ﴿٣٧﴾

37. O mayroon ba kayong kasulatan na roon kaya ay may matutuhan?

إِنَّ لَكُمْ فِيهِ لَمَا تَخَيَّرُونَ ﴿٣٨﴾

38. Na katotohanang para sa inyo ang anumang inyong piliin?

أَمْ لَكُمْ أَيْمَٰنٌ عَلَيْنَا بَٰلِغَةٌ إِلَىٰ يَوْمِ ٱلْقِيَٰمَةِ إِنَّ لَكُمْ لَمَا تَحْكُمُونَ ﴿٣٩﴾

39. O mayroon ba kayong mga pangako (palabra de honor na nagbubuklod) sa Amin, na aabot hanggang sa Araw ng Muling Pagkabuhay, na katotohanang para sa inyo ang anumang inyong hatulan?

سَلْهُمْ أَيُّهُم بِذَٰلِكَ زَعِيمٌ ﴿٤٠﴾

40. Iyong tanungin sila (O Muhammad) kung sino sa kanila ang makapananagot dito?

أَمْ لَهُمْ شُرَكَآءُ فَلْيَأْتُوا۟ بِشُرَكَآئِهِمْ إِن كَانُوا۟ صَٰدِقِينَ ﴿٤١﴾

41. O mayroon ba silang mga katambal (sa Diyos)? Hayaang dalhin nila ang kanilang mga katambal (sa Diyos) kung sila ay nagsasabi ng katotohanan!

يَوْمَ يُكْشَفُ عَن سَاقٍ وَيُدْعَوْنَ إِلَى ٱلسُّجُودِ فَلَا يَسْتَطِيعُونَ ﴿٤٢﴾

42. (At alalahanin) ang Araw na ang lulod ay matatambad (alalaong baga, ang bawat isa ay makatatagpo ng kahirapan sa kanyang harapan) at sila ay pag-uutusan na magpatirapa (kay Allah), datapuwa't (sila na mapagkunwari) ay hindi makagagawa nito.

خَٰشِعَةً أَبْصَٰرُهُمْ تَرْهَقُهُمْ ذِلَّةٌ ۖ وَقَدْ كَانُوا۟ يُدْعَوْنَ إِلَى ٱلسُّجُودِ وَهُمْ سَٰلِمُونَ ﴿٤٣﴾

43. Ang kanilang mga mata ay nakatuon sa lupa at ang pagkaaba ay bumabalot sa kanila. At sila noon pa ay pinag-utusan na magpatirapa habang sila ay mabuti pa (malusog at mainam sa makamundong buhay).

فَذَرْنِى وَمَن يُكَذِّبُ بِهَٰذَا ٱلْحَدِيثِ ۖ سَنَسْتَدْرِجُهُم مِّنْ حَيْثُ لَا يَعْلَمُونَ ﴿٤٤﴾

44. Kaya't hayaan mo (O Muhammad) sa Akin; sila na nagpasinungaling sa Kapahayagang ito (ang Qur'an). Dahan-dahan Naming ihahantong sila (sa kaparusahan), sa paraang hindi nila napag-uunawa (alalaong baga, daragdagan Niya ang Kanyang kagandahang-loob sa kanila sa pamamagitan ng pagsubok na magbubulid sa kanila sa pagkakasala tungo sa pagkawasak).

وَأُمْلِى لَهُمْ ۚ إِنَّ كَيْدِى مَتِينٌ ﴿٤٥﴾

45. At bibigyan Namin sila ng panahon (palugit). Katotohanan, ang Aking balak ay matatag.

أَمْ تَسْـَٔلُهُمْ أَجْرًا فَهُم مِّن مَّغْرَمٍ مُّثْقَلُونَ ﴿٤٦﴾

46. O ikaw ba (O Muhammad) ay humingi sa kanila ng bayad, kaya't sila ay nasadlak sa mabigat na pagkakautang?

أَمْ عِندَهُمُ ٱلْغَيْبُ فَهُمْ يَكْتُبُونَ ﴿٤٧﴾

47. O nasa kanila ba ang kaalaman ng nalilingid (na bagay), upang ito ay kanilang maisulat?

فَٱصْبِرْ لِحُكْمِ رَبِّكَ وَلَا تَكُن كَصَاحِبِ ٱلْحُوتِ إِذْ نَادَىٰ وَهُوَ مَكْظُومٌ ﴿٤٨﴾

48. Kaya't maghintay ng may pagtitiyaga sa Pasya ng iyong Panginoon at huwag matulad sa Kasamahan ng Isda (Propeta Jonah), nang siya ay manikluhod (sa Amin) samantalang siya ay nasa matinding kapighatian. (Tunghayan ang Qur'an 21:87).

لَّوْلَآ أَن تَدَارَكَهُۥ نِعْمَةٌ مِّن رَّبِّهِۦ لَنُبِذَ بِٱلْعَرَآءِ وَهُوَ مَذْمُومٌ ﴿٤٩﴾

49. Kung hindi lamang sumapit sa kanya ang Biyaya ng kanyang Panginoon, katotohanang siya (ay naiwan sa tiyan ng Isda, datapuwa't Aming pinatawad siya), kaya't siya ay itinapon sa hantad na dalampasigan habang siya ang dapat sisihin.

فَٱجْتَبَٰهُ رَبُّهُۥ فَجَعَلَهُۥ مِنَ ٱلصَّٰلِحِينَ ﴿٥٠﴾

50. Datapuwa't pinili siya ng kanyang Panginoon at ginawa siya (na maging isa) sa lipon ng matutuwid (mga Propeta).

وَإِن يَكَادُ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لَيُزْلِقُونَكَ بِأَبْصَٰرِهِمْ لَمَّا سَمِعُوا۟ ٱلذِّكْرَ وَيَقُولُونَ إِنَّهُۥ لَمَجْنُونٌ ﴿٥١﴾

51. At katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya ay halos palagpasin (palusutin) ka sa kanilang mga mata (alalaong baga, ang makapuslit sa kanilang paningin) kung kanilang napapakinggan ang Mensahe (ang Qur'an), at sila ay nagsasabi: "Katotohanang siya (Muhammad) ay isang baliw!"

وَمَا هُوَ إِلَّا ذِكْرٌ لِّلْعَٰلَمِينَ ﴿٥٢﴾

52. Datapuwa't ito ay hindi gayon maliban na isang Paala-ala sa lahat ng mga nilalang.

Surah 69

Surat Al-Haqqah
(Ang Tiyak na Kaganapan)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

ٱلْحَآقَّةُ ﴿١﴾

1. Ang Tiyak na kaganapan (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay)!

مَا ٱلْحَآقَّةُ ﴿٢﴾

2. Ano nga ba ang Tiyak na Kaganapan?

وَمَآ أَدْرَىٰكَ مَا ٱلْحَآقَّةُ ﴿٣﴾

3. At ano nga ba ang makapagpapahiwatig sa iyo kung ano ang Tiyak na Kaganapan?

كَذَّبَتْ ثَمُودُ وَعَادٌۢ بِٱلْقَارِعَةِ ﴿٤﴾

4. Ang Angkan ng Thamud at ng A'ad ay hindi sumampalataya sa *Qariah* (ang Araw ng Paghuhukom)!

فَأَمَّا ثَمُودُ فَأُهْلِكُوا۟ بِٱلطَّاغِيَةِ ﴿٥﴾

5. Datapuwa't ang (angkan) ng Thamud; sila ay winasak ng nag-aalimpuyong unos ng kulog at kidlat!

وَأَمَّا عَادٌ فَأُهْلِكُوا۟ بِرِيحٍ صَرْصَرٍ عَاتِيَةٍ ﴿٦﴾

6. At ng mga A'ad; sila ay winasak ng nagngangalit na hagupit ng hangin na tunay na mapangwasak;

سَخَّرَهَا عَلَيْهِمْ سَبْعَ لَيَالٍ وَثَمَٰنِيَةَ أَيَّامٍ حُسُومًا فَتَرَى ٱلْقَوْمَ فِيهَا صَرْعَىٰ كَأَنَّهُمْ أَعْجَازُ نَخْلٍ خَاوِيَةٍ ﴿٧﴾

7. Hinayaan Niyang salantahin sila (sa loob) ng sunud-sunod na pitong gabi at walong araw upang mapagmalas ninyo ang mga tao roon na nakahandusay, na waring bang sila ay katawan ng mga nalugmok na punong palmera!

فَهَلْ تَرَىٰ لَهُم مِّنۢ بَاقِيَةٍ ﴿٨﴾

8. Kaya't (ngayon), nakikita ba ninyo ang kanilang mga guho (latak)?,

وَجَآءَ فِرْعَوْنُ وَمَن قَبْلَهُۥ وَٱلْمُؤْتَفِكَٰتُ بِٱلْخَاطِئَةِ ﴿٩﴾

9. Ni Paraon, at ang mga nangauna sa kanya, at ang Pinalugmok na Bayan (ang mga bayan ng pamayanan ni Lut)? Sila ay nagsigawa ng kamalian,

فَعَصَوْا۟ رَسُولَ رَبِّهِمْ فَأَخَذَهُمْ أَخْذَةً رَّابِيَةً ﴿١٠﴾

10. Ang bawa't isa sa kanila ay naghimagsik nang laban sa Sugo ng kanilang Panginoon, kaya't Aming ginawaran sila nang mahigpit na sakmal (ng kaparusahan).

إِنَّا لَمَّا طَغَا ٱلْمَآءُ حَمَلْنَٰكُمْ فِى ٱلْجَارِيَةِ ﴿١١﴾

11. Katotohanan! Nang tumaas ang tubig nang labis sa kanyang hangganan (malaking baha o dilubyo sa panahon ni Noah) ay Aming kinandili kayo (O sangkatauhan) sa Lumulutang na Arko (barko na ginawa ni Noah),

لِنَجْعَلَهَا لَكُمْ تَذْكِرَةً وَتَعِيَهَآ أُذُنٌ وَٰعِيَةٌ ﴿١٢﴾

12. Upang gawin Namin ito bilang Tagapagpaala-ala sa inyo upang ang tainga na nakakarinig ay mapananganan ito bilang isang aral na magugunita.

فَإِذَا نُفِخَ فِى ٱلصُّورِ نَفْخَةٌ وَٰحِدَةٌ ﴿١٣﴾

13. At sa sandaling ang Tambuli ay hipan ng isang matinding pagsabog (sa unang ihip),

وَحُمِلَتِ ٱلْأَرْضُ وَٱلْجِبَالُ فَدُكَّتَا دَكَّةً وَٰحِدَةً ﴿١٤﴾

14. At ang kalupaan at kabundukan ay matinag sa kanilang lugar, at mayanig at madurog sa minsan lamang,

فَيَوْمَئِذٍ وَقَعَتِ ٱلْوَاقِعَةُ ﴿١٥﴾

15. At sa Araw na yaon, ang Dakilang Pangyayari (ang Muling Pagkabuhay) ay magaganap,

وَٱنشَقَّتِ ٱلسَّمَآءُ فَهِىَ يَوْمَئِذٍ وَاهِيَةٌ ﴿١٦﴾

16. At ang kalangitan ay mahahati, sapagkat sa Araw na yaon ito ay magiging mabuway (mahina at marupok),

وَٱلْمَلَكُ عَلَىٰٓ أَرْجَآئِهَا ۚ وَيَحْمِلُ عَرْشَ رَبِّكَ فَوْقَهُمْ يَوْمَئِذٍ ثَمَٰنِيَةٌ ﴿١٧﴾

17. At ang mga anghel ay nasa magkabilang panig nito at walong anghel ang pumapasan sa kanilang ulunan sa Araw na yaon sa *'Arsh* (Trono o Luklukan) ng iyong Panginoon.

يَوْمَئِذٍ تُعْرَضُونَ لَا تَخْفَىٰ مِنكُمْ خَافِيَةٌ ﴿١٨﴾

18. Sa Araw na yaon, kayo ay ihaharap sa Pagsusulit at walang anumang lihim ang inyong maikukubli.

فَأَمَّا مَنْ أُوتِىَ كِتَٰبَهُۥ بِيَمِينِهِۦ فَيَقُولُ هَآؤُمُ ٱقْرَءُوا۟ كِتَٰبِيَهْ ﴿١٩﴾

19. At tunay ngang siya na bibigyan ng kanyang Talaan sa kanyang kanang kamay ay magsasabi: "Tingnan ninyo at basahin ang aking Aklat!

إِنِّى ظَنَنتُ أَنِّى مُلَٰقٍ حِسَابِيَهْ ﴿٢٠﴾

20. Tunay ngang natitiyak ko na aking kakaharapin ang aking pagsusulit!"

فَهُوَ فِى عِيشَةٍ رَّاضِيَةٍ ﴿٢١﴾

21. At sa gayon, siya ay makakaranas ng buhay ng kaligayahan,

فِى جَنَّةٍ عَالِيَةٍ ﴿٢٢﴾

22. Sa Mataas na Halamanan (Paraiso),

قُطُوفُهَا دَانِيَةٌ ﴿٢٣﴾

23. Na ang kumpol ng mga bunga ay malapit at mababa (abot-kamay sa pagpitas).

كُلُوا۟ وَٱشْرَبُوا۟ هَنِيٓـًٔۢا بِمَآ أَسْلَفْتُمْ فِى ٱلْأَيَّامِ ٱلْخَالِيَةِ ﴿٢٤﴾

24. (At sa kanila ay ipagtuturing): "Magsikain kayo at uminom nang ganap at nasisiyahan bilang gantimpala sa (kabutihan) na inyong ginawa sa mga panahong nagdaan!"

25. At siya na pagkakalooban ng kanyang Talaan sa kanyang kaliwang kamay ay magsasabi: "Sana'y hindi na ako pinagkalooban ng aking Aklat!

وَأَمَّا مَنْ أُوتِيَ كِتَٰبَهُۥ بِشِمَالِهِۦ فَيَقُولُ يَٰلَيْتَنِي لَمْ أُوتَ كِتَٰبِيَهْ ﴿٢٥﴾

26. At hindi ko na sana napag-alaman kung ano ang nasa aking (aklat) ng pagsusulit!

وَلَمْ أَدْرِ مَا حِسَابِيَهْ ﴿٢٦﴾

27. Ah! Sana, (ang aking kamatayan) ay naging tiyak (alalaong baga, ang kamatayan ang naging katapusan niya sa halip na ito ang naging simula ng kanyang walang hanggang buhay)!

يَٰلَيْتَهَا كَانَتِ ٱلْقَاضِيَةَ ﴿٢٧﴾

28. Ang kayamanan ko ay hindi nakatulong sa akin,

مَآ أَغْنَىٰ عَنِّي مَالِيَهْ ﴿٢٨﴾

29. Ang kapamahalaan ko ay nawala sa akin!"

هَلَكَ عَنِّي سُلْطَٰنِيَهْ ﴿٢٩﴾

30. (At ang makapangyarihang utos ay ipagbabadya): Kunin siya at igapos (ng kadena),

خُذُوهُ فَغُلُّوهُ ﴿٣٠﴾

31. At matapos ay sunugin siya sa Naglalagablab na Apoy!

ثُمَّ ٱلْجَحِيمَ صَلُّوهُ ﴿٣١﴾

32. At bukod pa rito, talian siya ng tanikala na ang haba nito ay pitumpong kubiko!

ثُمَّ فِي سِلْسِلَةٍ ذَرْعُهَا سَبْعُونَ ذِرَاعًا فَٱسْلُكُوهُ ﴿٣٢﴾

33. Katotohanang siya ay hindi sumampalataya kay Allah, ang Dakilang Diyos,

إِنَّهُۥ كَانَ لَا يُؤْمِنُ بِٱللَّهِ ٱلْعَظِيمِ ﴿٣٣﴾

34. At hindi nagmalasakit na pakainin ang mga kapus-palad,

وَلَا يَحُضُّ عَلَىٰ طَعَامِ ٱلْمِسْكِينِ ﴿٣٤﴾

35. Kaya't siya ay walang kaibigan dito sa Araw na ito,

فَلَيْسَ لَهُ ٱلْيَوْمَ هَٰهُنَا حَمِيمٌ ﴿٣٥﴾

36. At wala siyang anumang pagkain maliban sa mabahong nana mula sa pinaghugasan ng mga sugat,

وَلَا طَعَامٌ إِلَّا مِنْ غِسْلِينٍ ﴿٣٦﴾

37. At walang ibang magsisikain nito maliban sa mga makasalanan (walang pananampalataya, mapagsamba sa diyus-diyosan).

لَّا يَأْكُلُهُۥٓ إِلَّا ٱلْخَٰطِـُٔونَ ﴿٣٧﴾

38. Kaya't Ako (Allah) ay nanunumpa sa lahat (ng mga nilikha) na inyong nakikita upang sumaksi,

فَلَآ أُقْسِمُ بِمَا تُبْصِرُونَ ﴿٣٨﴾

39. At ng hindi ninyo nakikita,

وَمَا لَا تُبْصِرُونَ ﴿٣٩﴾

40. Na katotohanang ito ang salita ng kapuri-puring Sugo (alalaong baga, si Gabriel o si Muhammad na nagdala nito mula kay Allah).

إِنَّهُۥ لَقَوْلُ رَسُولٍ كَرِيمٍ ﴿٤٠﴾

وَمَا هُوَ بِقَوْلِ شَاعِرٍ ۚ قَلِيلًا مَّا تُؤْمِنُونَ ﴿٤١﴾

41. At ito ay hindi salita ng isang makata, kakarampot (lamang) ang inyong pinaniniwalaan!

وَلَا بِقَوْلِ كَاهِنٍ ۚ قَلِيلًا مَّا تَذَكَّرُونَ ﴿٤٢﴾

42. At hindi rin ito salita ng isang manggagaway (o isang manghuhula), kakatiting (lamang) ang inyong nagugunita!

تَنزِيلٌ مِّن رَّبِّ الْعَالَمِينَ ﴿٤٣﴾

43. Ito ay isang Kapahayagan na ipinanaog (sa inyo) mula sa Panginoon ng lahat ng mga nilalang.

وَلَوْ تَقَوَّلَ عَلَيْنَا بَعْضَ الْأَقَاوِيلِ ﴿٤٤﴾

44. At kung siya (Muhammad) ay gumawa ng salita ng kabulaanan tungkol sa Amin (Allah),

لَأَخَذْنَا مِنْهُ بِالْيَمِينِ ﴿٤٥﴾

45. Katotohanang siya ay Aming sasakmalin sa kanang kamay (alalaong baga, sa [Aming] kanang kamay, na si Allah ay magpapataw nang ganap na ganti ng may kapangyarihan at kapamahalaan),

ثُمَّ لَقَطَعْنَا مِنْهُ الْوَتِينَ ﴿٤٦﴾

46. At katotohanang Aming puputulin ang litid ng kanyang puso (alalaong baga, kagyat na kamatayan).

فَمَا مِنكُم مِّنْ أَحَدٍ عَنْهُ حَاجِزِينَ ﴿٤٧﴾

47. At walang sinuman sa inyo ang makasasansala sa Amin upang (parusahan) siya.

وَإِنَّهُ لَتَذْكِرَةٌ لِّلْمُتَّقِينَ ﴿٤٨﴾

48. At katotohanan, ang Quran ay isang Paalaala para sa mga may pangangamba kay Allah (matimtiman at mapaggawa ng kabutihan at umiiwas sa lahat ng kasalanan).

وَإِنَّا لَنَعْلَمُ أَنَّ مِنكُم مُّكَذِّبِينَ ﴿٤٩﴾

49. At katotohanang talastas Namin na sa lipon ninyo ay may mga nagpapabulaan (sa Qur'an),

وَإِنَّهُ لَحَسْرَةٌ عَلَى الْكَافِرِينَ ﴿٥٠﴾

50. At katotohanang ito ang (magiging sanhi) ng pagsisisi (panghihinayang) sa mga hindi sumasampalataya.

وَإِنَّهُ لَحَقُّ الْيَقِينِ ﴿٥١﴾

51. At tunay ngang ito (ang Qur'an) ay isang lubos na Katotohanan na may katiyakan.

فَسَبِّحْ بِاسْمِ رَبِّكَ الْعَظِيمِ ﴿٥٢﴾

52. Kaya't luwalhatiin mo ang Pangalan ng iyong Panginoon, ang Pinakadakila.



Surah 70

Surat Al-Ma'arij
(Ang Mga Daan Ng Pag-akyat)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

سَأَلَ سَآئِلٌۢ بِعَذَابٍ وَاقِعٍ ﴿١﴾

1. Ang isang nagtatanong ay nagtanong tungkol sa Kaparusahan na napipinto -

لِّلْكَٰفِرِينَ لَيْسَ لَهُۥ دَافِعٌ ﴿٢﴾

2. Sa mga hindi sumasampalataya, na walang sinuman ang makahahadlang,

مِّنَ ٱللَّهِ ذِى ٱلْمَعَارِجِ ﴿٣﴾

3. (Isang Kaparusahan) mula kay Allah, ang Panginoon ng mga Daan ng Pag-akyat.

تَعْرُجُ ٱلْمَلَٰٓئِكَةُ وَٱلرُّوحُ إِلَيْهِ فِى يَوْمٍ كَانَ مِقْدَارُهُۥ خَمْسِينَ أَلْفَ سَنَةٍ ﴿٤﴾

4. Ang mga anghel at ang *Ruh* (Gabriel) ay umaakyat sa Kanya sa loob ng isang araw, na ang katumbas noon ay limampung libong taon,

فَٱصْبِرْ صَبْرًا جَمِيلًا ﴿٥﴾

5. Kaya't maging matiyaga ka (O Muhammad) nang may magiliw na pagtitiyaga.

إِنَّهُمْ يَرَوْنَهُۥ بَعِيدًا ﴿٦﴾

6. Katotohanang napag-aakala nila na ang Araw (ng Kaparusahan) ay malayo sa pangyayari,

وَنَرَىٰهُ قَرِيبًا ﴿٧﴾

7. Datapuwa't napagmamalas Namin ito na (lubhang) malapit na.

يَوْمَ تَكُونُ ٱلسَّمَآءُ كَٱلْمُهْلِ ﴿٨﴾

8. Sa Araw na ang kalangitan (alapaap) ay matutulad sa maruming langis na kumukulo (o naaagnas na tanso o pilak),

وَتَكُونُ ٱلْجِبَالُ كَٱلْعِهْنِ ﴿٩﴾

9. At ang kabundukan ay matutulad sa maninipis na himaymay ng lana,

وَلَا يَسْـَٔلُ حَمِيمٌ حَمِيمًا ﴿١٠﴾

10. At walang kaibigan ang magtatanong sa isang kaibigan,

يُبَصَّرُونَهُمْ ۚ يَوَدُّ ٱلْمُجْرِمُ لَوْ يَفْتَدِى مِنْ عَذَابِ يَوْمِئِذٍۭ بِبَنِيهِ ﴿١١﴾

11. Sila ay magkakatinginan sa isa't isa (alalaong baga, sa Araw ng Muling Pagkabuhay ang lahat ay makakakilala sa kanyang ama, mga anak at mga kamag-anak, datapuwa't siya ay hindi mangungusap sa kanila o hihingi sa kanila ng tulong). Ang ninanais ng mga makasalanan (kriminal, walang pananalig kay Allah at sa Kanyang Sugo na si Muhammad) sa Araw na

yaon ay matubos niya ang kanyang sarili sa Kaparusahan na ang kabayaran ay ang kanyang mga anak,

12. At kanyang asawa at kanyang kapatid, وَصَٰحِبَتِهِۦ وَأَخِيهِ ﴿١٢﴾

13. At kanyang kamag-anak na nagbigay sa kanya ng masisilungan, وَفَصِيلَتِهِ ٱلَّتِى تُـْٔوِيهِ ﴿١٣﴾

14. At nang lahat-lahat ng nasa kalupaan; kung ito ang makapagliligtas sa kanya. وَمَن فِى ٱلْأَرْضِ جَمِيعًا ثُمَّ يُنجِيهِ ﴿١٤﴾

15. Sa anumang kaparaanan, ito ay walang saysay! Katotohanang ito ay Apoy ng Impiyerno! كَلَّآ ۖ إِنَّهَا لَظَىٰ ﴿١٥﴾

16. Na bumubunot (sa ganap na pagkatupok) ng anit! نَزَّاعَةً لِّلشَّوَىٰ ﴿١٦﴾

17. At tumatawag: O mga *Kafir* (walang paniniwala kay Allah, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang Aklat, sa Kanyang mga Sugo, sa Araw ng Muling Pagkabuhay at sa *Qadar* [maka-Diyos na kahihinatnan]) na nagtatalikod ng kanyang likuran (sa katotohanan) at lumalayo (sa pagsunod), تَدْعُوا۟ مَنْ أَدْبَرَ وَتَوَلَّىٰ ﴿١٧﴾

18. At nagsipagtipon (ng mga kayamanan) at nagtago nito (tutol sa paggugol tungo sa Kapakanan ni Allah). وَجَمَعَ فَأَوْعَىٰٓ ﴿١٨﴾

19. Katotohanan, ang tao (na walang pananalig) ay nilikha na lubhang mainipin (walang pasensya); ۞ إِنَّ ٱلْإِنسَٰنَ خُلِقَ هَلُوعًا ﴿١٩﴾

20. Na naiinis (walang kasiyahan) kung ang kasamaan ay sumaling sa kanya; إِذَا مَسَّهُ ٱلشَّرُّ جَزُوعًا ﴿٢٠﴾

21. At lubhang gahaman kung ang kasaganaan ay dumatal sa kanya; وَإِذَا مَسَّهُ ٱلْخَيْرُ مَنُوعًا ﴿٢١﴾

22. Maliban sa mga nagsasagawa ng *Salah* (takdang pagdarasal), إِلَّا ٱلْمُصَلِّينَ ﴿٢٢﴾

23. Sila na namamalagi (sa takdang oras) sa kanilang pagdarasal, ٱلَّذِينَ هُمْ عَلَىٰ صَلَاتِهِمْ دَآئِمُونَ ﴿٢٣﴾

24. At sa kanilang kayamanan ay mayroong nakalaan, وَٱلَّذِينَ فِىٓ أَمْوَٰلِهِمْ حَقٌّ مَّعْلُومٌ ﴿٢٤﴾

25. Sa mga pulubi na humihingi at sa mga sawimpalad na nawalan ng ari-arian at kayamanan, لِّلسَّآئِلِ وَٱلْمَحْرُومِ ﴿٢٥﴾

26. At sila na naniniwala ng may katiyakan sa Araw ng Paghuhukom o Kabayaran, وَٱلَّذِينَ يُصَدِّقُونَ بِيَوْمِ ٱلدِّينِ ﴿٢٦﴾

وَٱلَّذِينَ هُم مِّنْ عَذَابِ رَبِّهِم مُّشْفِقُونَ ﴿٢٧﴾

27. At sila na may pangangamba sa Kaparusahan ng kanilang Panginoon,

إِنَّ عَذَابَ رَبِّهِمْ غَيْرُ مَأْمُونٍ ﴿٢٨﴾

28. Sapagkat ang Kaparusahan ng kanilang Panginoon ay yaong (kung sila ay) nasa harapan nito ay walang sinuman ang nakadarama ng kaligtasan,

وَٱلَّذِينَ هُمْ لِفُرُوجِهِمْ حَٰفِظُونَ ﴿٢٩﴾

29. At sila na nagpapanatili ng kanilang kalinisan (sa kapurihan, at umiiwas sa pangangalunya),

إِلَّا عَلَىٰٓ أَزْوَٰجِهِمْ أَوْ مَا مَلَكَتْ أَيْمَٰنُهُمْ فَإِنَّهُمْ غَيْرُ مَلُومِينَ ﴿٣٠﴾

30. Maliban sa kanilang mga asawa at sa mga (babaeng alipin) na angkin ng kanilang kanang kamay, (dito) sila ay hindi susumbatan,

فَمَنِ ٱبْتَغَىٰ وَرَآءَ ذَٰلِكَ فَأُو۟لَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْعَادُونَ ﴿٣١﴾

31. Datapuwa't sinuman ang maghanap nang lagpas pa rito, kung gayon, sila ang lumalagpas sa hangganan ng pagsuway, -

وَٱلَّذِينَ هُمْ لِأَمَٰنَٰتِهِمْ وَعَهْدِهِمْ رَٰعُونَ ﴿٣٢﴾

32. At sila na tumutugon (nag-iintindi) sa inihabilin (ipinagkatiwala o inilagak) sa kanila at sa (kanilang) mga pangako,

وَٱلَّذِينَ هُم بِشَهَٰدَٰتِهِمْ قَآئِمُونَ ﴿٣٣﴾

33. At sila na naninindigan nang matatag sa kanilang mga patotoo (pagsaksi),

وَٱلَّذِينَ هُمْ عَلَىٰ صَلَاتِهِمْ يُحَافِظُونَ ﴿٣٤﴾

34. At sila (na maingat) na nagpapamalagi ng kanilang pagdarasal,

أُو۟لَٰٓئِكَ فِى جَنَّٰتٍ مُّكْرَمُونَ ﴿٣٥﴾

35. Sila nga ang magsisitahan sa Halamanan ng Kaligayahan (Paraiso).

فَمَالِ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ قِبَلَكَ مُهْطِعِينَ ﴿٣٦﴾

36. Kaya't ano (ang bagay na nagpapagulo) sa mga hindi sumasampalataya, na nagmamadali sa iyong harapan,

عَنِ ٱلْيَمِينِ وَعَنِ ٱلشِّمَالِ عِزِينَ ﴿٣٧﴾

37. (Na makaupo) sa mga pangkat, sa iyong kanan at sa iyong kaliwa (O Muhammad)?

أَيَطْمَعُ كُلُّ ٱمْرِئٍ مِّنْهُمْ أَن يُدْخَلَ جَنَّةَ نَعِيمٍ ﴿٣٨﴾

38. At bawat isa kaya sa kanila ay umaasam na makapapasok sa Hardin ng Kaligayahan (Paraiso)?

كَلَّآ ۖ إِنَّا خَلَقْنَٰهُم مِّمَّا يَعْلَمُونَ ﴿٣٩﴾

39. Hindi! Katotohanang sila ay nilikha Namin mula sa sangkap na kanilang batid!

فَلَآ أُقْسِمُ بِرَبِّ ٱلْمَشَٰرِقِ وَٱلْمَغَٰرِبِ إِنَّا لَقَٰدِرُونَ ﴿٤٠﴾

40. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Panginoon ng lahat ng lugar sa Silangan at Kanluran na katiyakang Aming magagawa,

عَلَىٰٓ أَن نُّبَدِّلَ خَيْرًا مِّنْهُمْ وَمَا نَحْنُ بِمَسْبُوقِينَ ﴿٤١﴾

41. Na palitan sila (sa pamamagitan ng iba) nang higit na mainam kaysa kanila; at Kami ay hindi nila magagapi sa Aming kapasiyahan.

فَذَرْهُمْ يَخُوضُوا۟ وَيَلْعَبُوا۟ حَتَّىٰ يُلَٰقُوا۟ يَوْمَهُمُ ٱلَّذِى
يُوعَدُونَ ﴿٤٢﴾

42. Kaya't hayaan sila na malubog sa walang saysay na pag-uusap at palibut-libot na paglalaro hanggang sa sapitin nila ang Araw na sa kanila ay ipinangako,

يَوْمَ يَخْرُجُونَ مِنَ ٱلْأَجْدَاثِ سِرَاعًا كَأَنَّهُمْ إِلَىٰ نُصُبٍ
يُوفِضُونَ ﴿٤٣﴾

43. Sa Araw na sila ay magsisilabas sa kanilang libingan na nagmamadali na katulad ng pag-uunahan (karera) na marating ang punong pananda,

خَٰشِعَةً أَبْصَٰرُهُمْ تَرْهَقُهُمْ ذِلَّةٌ ۚ ذَٰلِكَ ٱلْيَوْمُ ٱلَّذِى
كَانُوا۟ يُوعَدُونَ ﴿٤٤﴾

44. Na ang kanilang mga mata ay nakatungo sa lupa sa pangamba at pagkaaba, ang kahihiyan ang lulukob sa kanila (nang buo). Ito ang Araw na sa kanila ay ipinangako!

سُورَةُ نُوحٍ

Surah 71

Surat Nuh
(Propeta Noah)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

إِنَّآ أَرْسَلْنَا نُوحًا إِلَىٰ قَوْمِهِۦٓ أَنْ أَنذِرْ قَوْمَكَ مِن
قَبْلِ أَن يَأْتِيَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿١﴾

1. Katotohanang Aming isinugo si Noah sa kanyang pamayanan na may tagubilin: "Bigyan mo ng babala ang iyong pamayanan bago dumatal sa kanila ang Kasakit-sakit na Kaparusahan".

قَالَ يَٰقَوْمِ إِنِّى لَكُمْ نَذِيرٌ مُّبِينٌ ﴿٢﴾

2. Siya (Noah) ay nagbadya: "O aking pamayanan! Katotohanang ako ay isang lantad na Tagapagbabala sa inyo,

أَنِ ٱعْبُدُوا۟ ٱللَّهَ وَٱتَّقُوهُ وَأَطِيعُونِ ﴿٣﴾

3. (Na nagtatagubilin) na marapat ninyong sambahin si Allah (lamang), at maging masunurin sa inyong tungkulin sa Kanya at ako ay inyong sundin,

يَغْفِرْ لَكُم مِّن ذُنُوبِكُمْ وَيُؤَخِّرْكُمْ إِلَىٰٓ أَجَلٍ
مُّسَمًّى ۚ إِنَّ أَجَلَ ٱللَّهِ إِذَا جَآءَ لَا يُؤَخَّرُ ۖ لَوْ كُنتُمْ
تَعْلَمُونَ ﴿٤﴾

4. Upang mapatawad Niya (Allah) ang inyong mga kasalanan at bigyan kayo ng sapat na panahon (palugit) na natatakdaan. Katotohanan, kung ang Takdang Oras ni Allah ay dumatal, ito ay hindi maaaring antalahin kung inyo lamang nababatid."

قَالَ رَبِّ إِنِّى دَعَوْتُ قَوْمِى لَيْلًا وَنَهَارًا ﴿٥﴾

5. (Si Noah) ay nagbadya: O aking Panginoon! Katotohanang aking inanyayahan ang aking

pamayanan sa gabi at araw (upang tanggapin ang doktrina ng Kaisahan ni Allah),

6. Datapuwa't ang aking panawagan sa kanila ay higit lamang na nakadagdag sa kanilang pagnanais na mapalayo (sa Tuwid na Landas).

فَلَمْ يَزِدْهُمْ دُعَآءِىٓ إِلَّا فِرَارًا ﴿٦﴾

7. At katotohanan, sa bawat sandali na sila ay aking inaanyayahan upang sila ay Inyong mapatawad, ay tinatakpan nila ang kanilang mga tainga ng kanilang daliri, at tinatakpan nila ang kanilang sarili ng kanilang kasutan, at nagpapatuloy sila (sa kanilang pagtutol) at pinag-iibayo nila ang kanilang kapalaluan.

وَإِنِّى كُلَّمَا دَعَوْتُهُمْ لِتَغْفِرَ لَهُمْ جَعَلُوٓا۟ أَصَٰبِعَهُمْ فِىٓ ءَاذَانِهِمْ وَٱسْتَغْشَوْا۟ ثِيَابَهُمْ وَأَصَرُّوا۟ وَٱسْتَكْبَرُوا۟ ٱسْتِكْبَارًا ﴿٧﴾

8. At katotohanang ako ay nananawagan sa kanila nang hayagan (sa malakas na tinig);

ثُمَّ إِنِّى دَعَوْتُهُمْ جِهَارًا ﴿٨﴾

9. At katotohanang ako ay nagpahayag sa kanila at (gayundin) ako ay naghabilin sa kanila sa lihim,

ثُمَّ إِنِّىٓ أَعْلَنتُ لَهُمْ وَأَسْرَرْتُ لَهُمْ إِسْرَارًا ﴿٩﴾

10. Na nagsasabi: "Humingi kayo ng kapatawaran sa inyong Panginoon; katotohanang Siya ay Lagi nang Nagpapatawad;

فَقُلْتُ ٱسْتَغْفِرُوا۟ رَبَّكُمْ إِنَّهُۥ كَانَ غَفَّارًا ﴿١٠﴾

11. Kayo ay pagkakalooban Niya ng saganang ulan;

يُرْسِلِ ٱلسَّمَآءَ عَلَيْكُم مِّدْرَارًا ﴿١١﴾

12. At kayo ay gagawaran Niya nang higit pang kayamanan at mga anak, at ipagkakaloob Niya sa inyo ang halamanan at gayundin ng mga batis (na nagsisidaloy)."

وَيُمْدِدْكُم بِأَمْوَٰلٍ وَبَنِينَ وَيَجْعَل لَّكُمْ جَنَّٰتٍ وَيَجْعَل لَّكُمْ أَنْهَٰرًا ﴿١٢﴾

13. Ano ang bagay (na nagpapagulo) sa inyo at hindi ninyo pinangangambahan si Allah (sa Kanyang kaparusahan), at kayo ay hindi sumasampalataya sa Kanyang Kaisahan?

مَّا لَكُمْ لَا تَرْجُونَ لِلَّهِ وَقَارًا ﴿١٣﴾

14. Samantalang kayo ay nilikha Niya sa (iba't ibang) antas (alalaong baga, ang una ay *Nutfah*, sumunod ay *Alaqa* at sumunod ay *Mudgha*. [Tunghayan ang Quran 23: 13-14].

وَقَدْ خَلَقَكُمْ أَطْوَارًا ﴿١٤﴾

15. Hindi baga ninyo napagmamalas kung paano nilikha ni Allah ang pitong kalangitan nang susun-suson (ang bawat isa ay mataas sa iba),

أَلَمْ تَرَوْا۟ كَيْفَ خَلَقَ ٱللَّهُ سَبْعَ سَمَٰوَٰتٍ طِبَاقًا ﴿١٥﴾

16. At ginawa Niya ang buwan bilang liwanag doon at ng araw bilang isang ilaw?

وَجَعَلَ ٱلْقَمَرَ فِيهِنَّ نُورًا وَجَعَلَ ٱلشَّمْسَ سِرَاجًا ﴿١٦﴾

17. At nilikha kayo ni Allah mula sa alabok ng lupa,

وَٱللَّهُ أَنۢبَتَكُم مِّنَ ٱلْأَرْضِ نَبَاتًا ﴿١٧﴾

ثُمَّ يُعِيدُكُمْ فِيهَا وَيُخْرِجُكُمْ إِخْرَاجًا ﴿١٨﴾

18. At pagkaraan, kayo ay ibabalik Niyang muli rito (sa lupa), at Kanyang ibabangon kayong (muli sa Araw ng Muling Pagkabuhay)?

وَاللَّهُ جَعَلَ لَكُمُ الْأَرْضَ بِسَاطًا ﴿١٩﴾

19. At si Allah ang gumawa para sa inyo ng kalupaan na nakalatag nang malawak.

لِتَسْلُكُوا مِنْهَا سُبُلًا فِجَاجًا ﴿٢٠﴾

20. Upang kayo ay makapaglakad dito sa malalapad na landas.

قَالَ نُوحٌ رَبِّ إِنَّهُمْ عَصَوْنِي وَاتَّبَعُوا مَنْ لَمْ يَزِدْهُ مَالُهُ وَوَلَدُهُ إِلَّا خَسَارًا ﴿٢١﴾

21. Si Noah ay nagbadya: "O Aking Panginoon! Katotohanang sila ay sumuway sa akin at sila ay sumunod sa kanya na ang kayamanan at mga anak ay hindi makapagbibigay sa kanya ng kapakinabangan maliban sa kapahamakan (pagkatalo)."

وَمَكَرُوا مَكْرًا كُبَّارًا ﴿٢٢﴾

22. At sila ay nagpakana ng malaking sabuwatan.

وَقَالُوا لَا تَذَرُنَّ آلِهَتَكُمْ وَلَا تَذَرُنَّ وَدًّا وَلَا سُوَاعًا وَلَا يَغُوثَ وَيَعُوقَ وَنَسْرًا ﴿٢٣﴾

23. At sila ay nagsipag-usapan sa isa't-isa: "Huwag ninyong talikdan ang inyong mga diyos, gayundin ay huwag ninyong iiwan ang Wadd, ang Suwa, ang Yaguth, ang Ya'uq, at ang Nasr (mga pangalan ng mga imahen at rebulto);"

وَقَدْ أَضَلُّوا كَثِيرًا وَلَا تَزِدِ الظَّالِمِينَ إِلَّا ضَلَالًا ﴿٢٤﴾

24. At katotohanang inakay nila ang karamihan sa pagkaligaw. At "(O Allah)! Huwag Kayong magbigay ng dagdag sa mga mapaggawa ng kamalian (mga mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig), maliban sa kamalian."

مِمَّا خَطِيئَاتِهِمْ أُغْرِقُوا فَأُدْخِلُوا نَارًا فَلَمْ يَجِدُوا لَهُمْ مِنْ دُونِ اللَّهِ أَنْصَارًا ﴿٢٥﴾

25. Dahilan sa kanilang mga kasalanan sila ay nilunod (sa dilubyo ng baha) at pinag-utusan na magsipasok sa Apoy (ng kaparusahan), at hindi sila nakatagpo para sa kanilang sarili maliban kay Allah ng (anumang) makakatulong.

وَقَالَ نُوحٌ رَبِّ لَا تَذَرْ عَلَى الْأَرْضِ مِنَ الْكَافِرِينَ دَيَّارًا ﴿٢٦﴾

26. At si Noah ay nagsabi: "O Aking Panginoon! Huwag Kayong mag-iwan sa kalupaan mula sa lipon ng mga hindi nananampalataya ng isa mang maninirahan!

إِنَّكَ إِنْ تَذَرْهُمْ يُضِلُّوا عِبَادَكَ وَلَا يَلِدُوا إِلَّا فَاجِرًا كَفَّارًا ﴿٢٧﴾

27. Katotohanang kung sila ay Inyong iwan, kanilang ililigaw ang Inyong matatapat na alipin, at sila ay hindi magkakaanak maliban (na isang) buktot at (tandisang) walang pananampalataya.

رَبِّ اغْفِرْ لِي وَلِوَالِدَيَّ وَلِمَنْ دَخَلَ بَيْتِيَ مُؤْمِنًا وَلِلْمُؤْمِنِينَ وَالْمُؤْمِنَاتِ وَلَا تَزِدِ الظَّالِمِينَ إِلَّا تَبَارًا ﴿٢٨﴾

28. O aking Panginoon! Inyong patawarin ako at ang aking mga magulang at sa sinuman na pumapasok sa aking tahanan ng may pananalig, at lahat ng mga sumasampalatayang lalaki at sumasampalatayang babae, at huwag Ninyong pagkalooban ang mga mapaggawa ng kamalian maliban sa pagkawasak!"

سُورَةُ الْجِنِّ

Surah 72

Surat Al-Jinn
(Ang Jinn)[54]

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

قُلْ أُوحِيَ إِلَيَّ أَنَّهُ اسْتَمَعَ نَفَرٌ مِّنَ الْجِنِّ فَقَالُوا إِنَّا سَمِعْنَا قُرْآنًا عَجَبًا ﴿١﴾

1. Ipagbadya (O Muhammad): "Ipinahayag sa akin na ang isang pangkat ng *Jinn* (na may bilang mula tatlo hanggang sampu) ay nakinig (sa Qur'an)." Sila ay nagsasabi: "Katotohanang aming napakinggan ang Kamangha-manghang Qur'an (alalaong baga, ang maindayog na pagdalit nito)." -

يَهْدِي إِلَى الرُّشْدِ فَآمَنَّا بِهِ ۖ وَلَن نُّشْرِكَ بِرَبِّنَا أَحَدًا ﴿٢﴾

2. Na namamatnubay sa Tuwid na Landas (katuwiran at kagalingan), at kami ay naniwala rito, at kailanman kami ay hindi magtatambal ng anuman (sa pagsamba) sa aming Panginoon (Allah).

وَأَنَّهُ تَعَالَىٰ جَدُّ رَبِّنَا مَا اتَّخَذَ صَاحِبَةً وَلَا وَلَدًا ﴿٣﴾

3. At ganap na Kaluwalhatian ang Kataasan ng aming Panginoon. Siya (Allah) ay hindi nag-angkin sa Kanyang sarili ng asawa o ng anak (o mga supling o mga anak).

وَأَنَّهُ كَانَ يَقُولُ سَفِيهُنَا عَلَى اللَّهِ شَطَطًا ﴿٤﴾

4. At ang mga luku-luko (at baliw) sa lipon namin (alalaong baga, si Iblis o ang mga *Jinn* na mapagsamba sa mga diyus-diyosan) ay nagsasabi tungkol kay Allah nang labis-labis na pagsuway na lagpas sa lahat ng hangganan.

وَأَنَّا ظَنَنَّا أَن لَّن تَقُولَ الْإِنسُ وَالْجِنُّ عَلَى اللَّهِ كَذِبًا ﴿٥﴾

5. At katotohanan, aming napag-isip na ang sangkatauhan at mga *Jinn* ay hindi uusal ng isa mang kasinungalingan laban kay Allah.

وَأَنَّهُ كَانَ رِجَالٌ مِّنَ الْإِنسِ يَعُوذُونَ بِرِجَالٍ مِّنَ الْجِنِّ فَزَادُوهُمْ رَهَقًا ﴿٦﴾

6. At katotohanan, mayroong mga tao sa lipon ng sangkatauhan ang nananahan sa mga malalakas (lalaki) sa gitna ng mga *Jinn*,

[54] Mga nilikha ni Allah na hindi natin nakikita, subalit katulad din ng mga tao ay may pananagutan sa kanilang gawa, may kalayaan sila na gumawa nang mabuti at masama, ang sumunod o sumuway kay Allah at sa Kanyang kautusan, at sa kanila ay may paghuhukom din na darating at may kabayaran ng gantimpala o kaparusahan ayon sa kanilang ginawa.

datapuwa't sila (ang mga *Jinn*) ay lalong naglulong sa kanila (sangkatauhan) sa kasalanan at kawalan ng pananalig.

وَأَنَّهُمْ ظَنُّوا كَمَا ظَنَنتُمْ أَن لَّن يَبْعَثَ اللَّهُ أَحَدًا ﴿٧﴾

7. At katotohanang sila ay nag-akala na katulad ng inyong pag-aakala na si Allah ay hindi magsusugo ng sinumang Sugo (sa sangkatauhan at sa mga *Jinn*).

وَأَنَّا لَمَسْنَا السَّمَاءَ فَوَجَدْنَاهَا مُلِئَتْ حَرَسًا شَدِيدًا وَشُهُبًا ﴿٨﴾

8. (Ang mga *Jinn* ay nagsabi): "At kami ay sumilip sa kalangitan, datapuwa't aming natagpuan na tigib ito nang mga mahihigpit na tagapagbantay at naglalagablab na apoy."

وَأَنَّا كُنَّا نَقْعُدُ مِنْهَا مَقَاعِدَ لِلسَّمْعِ ۖ فَمَن يَسْتَمِعِ الْآنَ يَجِدْ لَهُ شِهَابًا رَّصَدًا ﴿٩﴾

9. At katotohanang kami ay lagi nang nakaupo roon upang (mang-umit) ng mapapakinggan, datapuwa't sinuman ang nakikinig ngayon ay makatatagpo ng isang naglalagablab na apoy na naghihintay sa kanya upang tambangan.

وَأَنَّا لَا نَدْرِي أَشَرٌّ أُرِيدَ بِمَن فِي الْأَرْضِ أَمْ أَرَادَ بِهِمْ رَبُّهُمْ رَشَدًا ﴿١٠﴾

10. At hindi namin napag-uunawa kung ang kasamaan (o panganib) ay nakalaan sa lahat ng nasa kalupaan, o kung ang kanilang Panginoon ay nagnanais na sila ay patnubayan sa Tuwid na Landas.

وَأَنَّا مِنَّا الصَّالِحُونَ وَمِنَّا دُونَ ذَٰلِكَ ۖ كُنَّا طَرَائِقَ قِدَدًا ﴿١١﴾

11. At sa lipon namin ay mayroong matutuwid, at sa lipon namin ay (mayroong mga iba) na hindi gayon, at kami ay mayroong magkakahiwalay na mga paraan (iba't iba sa opinyon, paniniwala at gawa ng pananampalataya).

وَأَنَّا ظَنَنَّا أَن لَّن نُّعْجِزَ اللَّهَ فِي الْأَرْضِ وَلَن نُّعْجِزَهُ هَرَبًا ﴿١٢﴾

12. At nababatid namin na kami ay hindi makatatakas sa (kaparusahan) ni Allah dito sa kalupaan at hindi rin kami makakawala (sa kaparusahan) sa pamamagitan ng pagtakas.

وَأَنَّا لَمَّا سَمِعْنَا الْهُدَىٰ آمَنَّا بِهِ ۖ فَمَن يُؤْمِن بِرَبِّهِ فَلَا يَخَافُ بَخْسًا وَلَا رَهَقًا ﴿١٣﴾

13. At katotohanan nang kami ay paringgan ng Patnubay (ang Qur'an), kami ay nagsisampalataya rito (sa Kaisahan ni Allah). At sinuman ang manampalataya sa kanyang Panginoon ay hindi makadarama ng pangamba ng pagkabawas (pagkakait o kakulangan) o ng pabigat (pasanin) [alalaong baga, tungkol sa kanyang pagsusulit sa Kabilang Buhay, ang isa man sa kanyang mga gawa ay hindi makukulangan o ang kasamaan ng iba ay ipapatong sa kanya].

وَأَنَّا مِنَّا ٱلْمُسْلِمُونَ وَمِنَّا ٱلْقَـٰسِطُونَ ۖ فَمَنْ أَسْلَمَ فَأُو۟لَـٰٓئِكَ تَحَرَّوْا۟ رَشَدًا ﴿١٤﴾

14. At sa lipon namin ay may mga *Muslim* (na nagsusuko ng kanilang kalooban kay Allah matapos na makapakinig sa Qur'an), at sa lipon namin ay may *Al-Qasitun* (mga di-makatarungan, na lumilihis sa katotohanan at nag-aasal ng pagiging pinunong malupit). At sinuman ang magsuko ng kanyang kalooban kay Allah (alalaong baga, ang yumakap sa Islam), sila yaong nakahanap ng Tuwid na Landas.

وَأَمَّا ٱلْقَـٰسِطُونَ فَكَانُوا۟ لِجَهَنَّمَ حَطَبًا ﴿١٥﴾

15. Datapuwa't sa *Al-Qasitun* (mga di-makatarungan), sila ang magsisilbing panggatong (sa Apoy) ng Impiyerno.

وَأَلَّوِ ٱسْتَقَـٰمُوا۟ عَلَى ٱلطَّرِيقَةِ لَأَسْقَيْنَـٰهُم مَّآءً غَدَقًا ﴿١٦﴾

16. At kung sila (na hindi mga *Muslim*) ay sumampalataya kay Allah at namalagi lamang sa Tuwid na Landas (*Islam*), katotohanang Kami ay magkakaloob sa kanila nang saganang ulan,

لِّنَفْتِنَهُمْ فِيهِ ۚ وَمَن يُعْرِضْ عَن ذِكْرِ رَبِّهِۦ يَسْلُكْهُ عَذَابًا صَعَدًا ﴿١٧﴾

17. Upang sila ay Aming masubukan sa gayong paraan. Datapuwa't sinuman ang tumalikod sa Paala-ala ng kanyang Panginoon (alalaong baga, sa Qur'an at hindi nagsagawa sa mga batas at pag-uutos nito), ay igagawad Niya sa kanya ang pumasok sa Matinding Kaparusahan (Impiyerno).

وَأَنَّ ٱلْمَسَـٰجِدَ لِلَّهِ فَلَا تَدْعُوا۟ مَعَ ٱللَّهِ أَحَدًا ﴿١٨﴾

18. At ang mga *Masjid* (bahay-dalanginan) o lugar ng pagpapatirapa (sa pagsamba) ay tanging kay Allah (lamang), kaya't huwag manalangin sa sinuman (bilang kahati) ni Allah.

وَأَنَّهُۥ لَمَّا قَامَ عَبْدُ ٱللَّهِ يَدْعُوهُ كَادُوا۟ يَكُونُونَ عَلَيْهِ لِبَدًا ﴿١٩﴾

19. At nang ang Alipin (Propeta Muhammad) ni Allah ay tumindig na naninikluhod sa Kanya, sila (na mga *Jinn*) ay pumalibot sa kanya na halos ay isang nasisiksik na pulutong (alalaong baga, sila ay pumaligid sa Propeta na parang mga balang upang makinig sa kanya).

قُلْ إِنَّمَآ أَدْعُوا۟ رَبِّى وَلَآ أُشْرِكُ بِهِۦٓ أَحَدًا ﴿٢٠﴾

20. Ipagbadya (O Muhammad): "Ako ay nananalangin lamang sa aking Panginoon (kay Allah lamang), at ako ay hindi nagtatambal sa Kanya ng iba pang diyos."

قُلْ إِنِّى لَآ أَمْلِكُ لَكُمْ ضَرًّا وَلَا رَشَدًا ﴿٢١﴾

21. Ipagbadya: "Katotohanang ako ay walang kapamahalaan upang ilagay kayo sa kapahamakan, o dalhin kayo sa Tuwid na Landas."

قُلْ إِنِّي لَن يُجِيرَنِي مِنَ ٱللَّهِ أَحَدٌ وَلَنْ أَجِدَ مِن دُونِهِۦ مُلْتَحَدًا ﴿٢٢﴾

22. Ipagbadya (O Muhammad): "Katotohanang walang makapagliligtas sa akin sa kaparusahan ni Allah (kung ako ay susuway sa kanya), gayundin, ako ay hindi makatatagpo ng kaligtasan maliban sa Kanya."

إِلَّا بَلَٰغًا مِّنَ ٱللَّهِ وَرِسَٰلَٰتِهِۦ ۚ وَمَن يَعْصِ ٱللَّهَ وَرَسُولَهُۥ فَإِنَّ لَهُۥ نَارَ جَهَنَّمَ خَٰلِدِينَ فِيهَآ أَبَدًا ﴿٢٣﴾

23. (Ang aking tungkulin) ay iparating sa inyo (ang Katotohanan) na mula kay Allah at ang Kanyang Mensahe (Kaisahan ni Allah), at sinumang sumuway kay Allah at sa Kanyang Sugo, kung gayon, katotohanang sasakanya ang Apoy ng Impiyerno, mananahan siya rito magpakailanman.

حَتَّىٰٓ إِذَا رَأَوْا۟ مَا يُوعَدُونَ فَسَيَعْلَمُونَ مَنْ أَضْعَفُ نَاصِرًا وَأَقَلُّ عَدَدًا ﴿٢٤﴾

24. Hanggang nang kanilang makita ang bagay na ipinangako sa kanila, sa gayon ay kanilang mapag-aalaman kung sino ang mahina sa makakatulong (kawaksi) at gahol sa bilang.

قُلْ إِنْ أَدْرِىٓ أَقَرِيبٌ مَّا تُوعَدُونَ أَمْ يَجْعَلُ لَهُۥ رَبِّىٓ أَمَدًا ﴿٢٥﴾

25. Ipagbadya (O Muhammad): "Hindi ko nababatid kung ang kaparusahan na ipinangako sa inyo ay nalalapit na, o kung ang aking Panginoon ay magkakaloob nito sa (matagal pang) panahon."

عَٰلِمُ ٱلْغَيْبِ فَلَا يُظْهِرُ عَلَىٰ غَيْبِهِۦٓ أَحَدًا ﴿٢٦﴾

26. Siya ang lubos na nakatatalastas ng mga nakalingid at hindi Niya ibinubunyag ang Kanyang (kaalaman ng) Nalilingid sa sinuman.

إِلَّا مَنِ ٱرْتَضَىٰ مِن رَّسُولٍ فَإِنَّهُۥ يَسْلُكُ مِنۢ بَيْنِ يَدَيْهِ وَمِنْ خَلْفِهِۦ رَصَدًا ﴿٢٧﴾

27. Maliban sa kanya na Kanyang pinatibayan sa mga sugo, at katotohanang Siya ay nagparating sa harapan niya (bawat sugo) at sa likuran niya ng mga tagapagmasid (mga tagapagbantay na anghel na nangangalaga sa sugo at sa mensahe),

لِّيَعْلَمَ أَن قَدْ أَبْلَغُوا۟ رِسَٰلَٰتِ رَبِّهِمْ وَأَحَاطَ بِمَا لَدَيْهِمْ وَأَحْصَىٰ كُلَّ شَىْءٍ عَدَدًا ﴿٢٨﴾

28. Upang siya (Muhammad) ay makaalam na kanilang naiparating ang mga mensahe ng kanilang Panginoon; at Siya ang nakasasakop kung anuman ang nasa kanila at kanilang nabilang na lahat ang mga bagay nang isa-isa.

Surah 73

Surat Al-Muzzammil
(Siya na Nababalutan ng Kasuutan)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

يَٰٓأَيُّهَا ٱلْمُزَّمِّلُ ﴿١﴾

1. O ikaw na nababalutan ng kasuutan (alalaong baga, si Propeta Muhammad)!

قُمِ ٱلَّيْلَ إِلَّا قَلِيلًا ﴿٢﴾

2. Tumindig ka (sa pagdarasal) sa buong magdamag maliban sa kaunting oras lamang.

نِّصْفَهُۥٓ أَوِ ٱنقُصْ مِنْهُ قَلِيلًا ﴿٣﴾

3. Sa kalahati nito (ng magdamag) o kulang pa rito,

أَوْ زِدْ عَلَيْهِ وَرَتِّلِ ٱلْقُرْءَانَ تَرْتِيلًا ﴿٤﴾

4. O humigit pa rito; at iyong dalitin ang Qur'an (nang malakas) sa marahan at matimyas na pagbigkas.

إِنَّا سَنُلْقِى عَلَيْكَ قَوْلًا ثَقِيلًا ﴿٥﴾

5. Katotohanang Aming ipapanaog sa iyo ang isang matimbang na Salita (alalaong baga, mga obligasyon, legal na mga batas, atbp.).

إِنَّ نَاشِئَةَ ٱلَّيْلِ هِىَ أَشَدُّ وَطْئًا وَأَقْوَمُ قِيلًا ﴿٦﴾

6. Katotohanan, ang pagbangon sa gabi (ang *Tahajjud* na dasal) ay siyang oras na napakahirap, (datapuwa't) higit na mabisa sa pakikipag-isa (ng puso at dila) at higit na akma para (sa pang-unawa) sa mga salita (ni Allah).

إِنَّ لَكَ فِى ٱلنَّهَارِ سَبْحًا طَوِيلًا ﴿٧﴾

7. Katotohanang nasa iyo sa maghapon (sa buong araw) ang mahabang pagkakaabalahan,

وَٱذْكُرِ ٱسْمَ رَبِّكَ وَتَبَتَّلْ إِلَيْهِ تَبْتِيلًا ﴿٨﴾

8. At lagi mong alalahanin (at luwalhatiin) ang Pangalan ng iyong Panginoon at ilaan mo ang iyong sarili sa Kanya nang may ganap na pagsusumakit.

رَّبُّ ٱلْمَشْرِقِ وَٱلْمَغْرِبِ لَآ إِلَٰهَ إِلَّا هُوَ فَٱتَّخِذْهُ وَكِيلًا ﴿٩﴾

9. Tanging Siya (lamang) ang Panginoon ng Silangan at Kanluran. *La ilaha illa Huwa* (Wala ng iba pang Diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba maliban sa Kanya [Allah]). Kaya't panaligan mo lamang Siya bilang iyong *Wakil* (tagapamahala ng iyong kapakanan).

وَٱصْبِرْ عَلَىٰ مَا يَقُولُونَ وَٱهْجُرْهُمْ هَجْرًا جَمِيلًا ﴿١٠﴾

10. At maging matiyaga (O Muhammad) sa kanilang mga sinasabi, at lumayo ka sa kanila sa mabuting paraan.

وَذَرْنِي وَالْمُكَذِّبِينَ أُولِي النَّعْمَةِ وَمَهِّلْهُمْ قَلِيلًا ﴿١١﴾

11. At iyong hayaan na Ako ang makitungo sa mga bulaan (na nagtatatwa ng Aking mga Talata), at sila na naghahawak ng mga mababuting bagay sa buhay. At iyong bigyan sila ng palugit sa maigsing panahon.

إِنَّ لَدَيْنَا أَنكَالًا وَجَحِيمًا ﴿١٢﴾

12. Katotohanan! Nasa Amin ang mga panggapos (na magtatali sa kanila) at Nag-aalimpuyong Apoy,

وَطَعَامًا ذَا غُصَّةٍ وَعَذَابًا أَلِيمًا ﴿١٣﴾

13. At pagkain na babalalak sa kanilang lalamunan (na nakakabunsol) at Kasakit-sakit na Kaparusahan.

يَوْمَ تَرْجُفُ الْأَرْضُ وَالْجِبَالُ وَكَانَتِ الْجِبَالُ كَثِيبًا مَّهِيلًا ﴿١٤﴾

14. Sa Araw na ang kalupaan at kabundukan ay mayayanig nang matindi, at ang kabundukan ay magiging pinong tumpok ng buhangin na bumubuhos at umaagos nang pababa.

إِنَّا أَرْسَلْنَا إِلَيْكُمْ رَسُولًا شَاهِدًا عَلَيْكُمْ كَمَا أَرْسَلْنَا إِلَىٰ فِرْعَوْنَ رَسُولًا ﴿١٥﴾

15. Katotohanan! Kami ay nagsugo sa inyo (O mga tao) ng isang Sugo (Muhammad) na magiging saksi sa inyo, kung paano Kami nagsugo ng isang Sugo (Moises) kay Paraon.

فَعَصَىٰ فِرْعَوْنُ الرَّسُولَ فَأَخَذْنَاهُ أَخْذًا وَبِيلًا ﴿١٦﴾

16. Datapuwa't si Paraon ay sumuway sa Aming Sugo (Moises), kaya't Aming sinakmal siya ng matinding kaparusahan.

فَكَيْفَ تَتَّقُونَ إِن كَفَرْتُمْ يَوْمًا يَجْعَلُ الْوِلْدَانَ شِيبًا ﴿١٧﴾

17. Kaya't paano ninyo iiwasan ang kaparusahan kung kayo ay walang paniniwala (kay Allah), sa Araw na ang mga bata ay magiging lanta (sa kulay na pilak ng kanilang buhok) sa (Araw ng Muling Pagkabuhay),

السَّمَاءُ مُنفَطِرٌ بِهِ ۚ كَانَ وَعْدُهُ مَفْعُولًا ﴿١٨﴾

18. Na roon ang kalangitan ay mawawasak? Ang Kanyang pangako ay katiyakang matutupad.

إِنَّ هَٰذِهِ تَذْكِرَةٌ ۖ فَمَن شَاءَ اتَّخَذَ إِلَىٰ رَبِّهِ سَبِيلًا ﴿١٩﴾

19. Katotohanan! Ito ay isang Paala-ala lamang. Kaya't sinuman ang magnais, hayaan siyang tumahak sa tuwid na landas patungo sa kanyang Panginoon!

۞ إِنَّ رَبَّكَ يَعْلَمُ أَنَّكَ تَقُومُ أَدْنَىٰ مِن ثُلُثَيِ اللَّيْلِ وَنِصْفَهُ وَثُلُثَهُ وَطَائِفَةٌ مِّنَ الَّذِينَ مَعَكَ ۚ وَاللَّهُ يُقَدِّرُ اللَّيْلَ وَالنَّهَارَ ۚ عَلِمَ أَن لَّن تُحْصُوهُ فَتَابَ عَلَيْكُمْ ۖ فَاقْرَءُوا مَا تَيَسَّرَ مِنَ الْقُرْآنِ ۚ عَلِمَ أَن سَيَكُونُ مِنكُم مَّرْضَىٰ ۙ وَآخَرُونَ يَضْرِبُونَ فِي

20. Katotohanan! Ang iyong Panginoon ay nakababatid na ikaw ay nagpupuyat sa pagdarasal (sa kahabaan ng gabi), nang maigsi sa dalawang katlo (2/3) ng gabi, o kalahati (1/2) ng gabi, o isang katlo (1/3) ng gabi, gayundin naman ang isang pangkat na iyong kasama-sama. At si Allah ang nagtalaga (sa inyo) ng Gabi at Araw sa ganap na sukat. Talastas Niya

ٱلْأَرْضِ يَبْتَغُونَ مِن فَضْلِ ٱللَّهِ ۙ وَءَاخَرُونَ
يُقَٰتِلُونَ فِى سَبِيلِ ٱللَّهِ ۖ فَٱقْرَءُوا۟ مَا تَيَسَّرَ مِنْهُ ۚ
وَأَقِيمُوا۟ ٱلصَّلَوٰةَ وَءَاتُوا۟ ٱلزَّكَوٰةَ وَأَقْرِضُوا۟ ٱللَّهَ
قَرْضًا حَسَنًا ۚ وَمَا تُقَدِّمُوا۟ لِأَنفُسِكُم مِّنْ خَيْرٍ تَجِدُوهُ
عِندَ ٱللَّهِ هُوَ خَيْرًا وَأَعْظَمَ أَجْرًا ۚ وَٱسْتَغْفِرُوا۟ ٱللَّهَ ۖ إِنَّ
ٱللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٢٠﴾

na kayo ay hindi makakapanalangin sa buong magdamag, kaya't Siya ay nagbaling sa inyo (ng Kanyang Habag). Kaya't inyong basahin ang Qur'an sa inyong makakaya. Talastas Niya na mayroong ilan sa inyo ang may sakit, at ang iba naman ay naglalakbay sa kalupaan sa paghahanap ng Biyaya ni Allah, at ang iba ay nakikipaglaban tungo sa Kapakanan ni Allah. Kaya't inyong dalitin ang Qur'an sa inyong makakaya, at kayo ay mag-alay ng pang-araw-araw na pagdarasal nang mahinusay, at magbigay ng *Zakah* (katungkulang kawanggawa), at magpautang kay Allah ng isang Magandang Pautang (alalaong baga, gumugol sa Kapakanan ni Allah). At anumang mabuting bagay ang inyong ipinadala patungkol sa inyong kaluluwa (mga gawa ng pagsamba tulad ng pagdarasal, kawanggawa, pag-aayuno, *Hajj*, *Umra*, atbp.) ay katiyakang inyong matatagpuan ito kay Allah. Ito ay mainam at sagana bilang gantimpala. At kayo ay humingi ng kapatawaran ni Allah. Katotohanang si Allah ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Lubos na Mahabagin.

Surah 74

Surat Al-Muddaththir
(Siya Na Nababalutan)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. O ikaw (Muhammad) na nababalot (ng balabal)! يَٰٓأَيُّهَا ٱلْمُدَّثِّرُ ﴿١﴾

2. Magbangon ka at ipahayag mo ang iyong babala! قُمْ فَأَنذِرْ ﴿٢﴾

3. Ang iyong Panginoon (Tagapagtangkilik at Tagapanustos) ay luwalhatiin! وَرَبَّكَ فَكَبِّرْ ﴿٣﴾

4. Ang iyong kasuutan ay gawin mong dalisay! وَثِيَابَكَ فَطَهِّرْ ﴿٤﴾

5. Ang mga imahen (o diyus-diyosan) ay iyong layuan! وَٱلرُّجْزَ فَٱهْجُرْ ﴿٥﴾

6. At huwag maghangad ng ganti kung ikaw ay nagbigay upang magkaroon pa nang higit (o huwag mong ipalagay na ang gawang kabutihan sa pagsunod kay Allah ay isang biyaya para sa Kanya). وَلَا تَمْنُن تَسْتَكْثِرُ ﴿٦﴾

7. At maging matimtiman (sa pagtitimpi) sa kapakanan ng iyong Panginoon (alalaong baga, iyong ganapin ang iyong tungkulin sa Kanya)! وَلِرَبِّكَ فَٱصْبِرْ ﴿٧﴾

8. At kung hihipan na ang Tambuli (sa kanyang pangalawang pag-ihip): فَإِذَا نُقِرَ فِى ٱلنَّاقُورِ ﴿٨﴾

9. Katotohanan! Ang Araw na yaon ay Araw ng Hapis, فَذَٰلِكَ يَوْمَئِذٍ يَوْمٌ عَسِيرٌ ﴿٩﴾

10. Na kasakit-sakit sa mga walang pananalig. عَلَى ٱلْكَٰفِرِينَ غَيْرُ يَسِيرٍ ﴿١٠﴾

11. Hayaang Ako lamang (ang makitungo) sa kanya na nilikha Ko lamang (na walang anumang pinanggalingan, alalaong baga, si Walid Ibn Al-Mughirah Al-Makhzumi)! ذَرْنِى وَمَنْ خَلَقْتُ وَحِيدًا ﴿١١﴾

12. Na Aking ginawaran ng lahat ng bagay ng kasaganaan, وَجَعَلْتُ لَهُۥ مَالًا مَّمْدُودًا ﴿١٢﴾

13. At mga anak na nasa kanyang tabi! وَبَنِينَ شُهُودًا ﴿١٣﴾

14. At Aking iginawad ang buhay na maayos at maginhawa sa kanya! وَمَهَّدتُّ لَهُۥ تَمْهِيدًا ﴿١٤﴾

ثُمَّ يَطْمَعُ أَنْ أَزِيدَ ﴿١٥﴾

15. Sa lahat ng kanyang naisin, - Ako ay marapat pang magbigay nang higit;

كَلَّآ ۖ إِنَّهُۥ كَانَ لِـَٔايَٰتِنَا عَنِيدًا ﴿١٦﴾

16. Hindi! Katotohanang nanatili siyang matigas ang ulo na sumasalungat sa Aming *Ayat* (mga aral, talata, katibayan, tanda, atbp.).

سَأُرْهِقُهُۥ صَعُودًا ﴿١٧﴾

17. Siya ay Aking babalutin ng nakapapagod (mahirap) na kaparusahan.

إِنَّهُۥ فَكَّرَ وَقَدَّرَ ﴿١٨﴾

18. Katotohanang siya ay nag-isip at nagbalak;

فَقُتِلَ كَيْفَ قَدَّرَ ﴿١٩﴾

19. Kaya't kasawian sa kanya (sa kaparusahan)! Paano siya nagbalak?

ثُمَّ قُتِلَ كَيْفَ قَدَّرَ ﴿٢٠﴾

20. Kaya't siya ay nawasak sa kasawian (kaparusahan), kung paano siya ay nagbalak?

ثُمَّ نَظَرَ ﴿٢١﴾

21. Kaya't siya ay (muling) nagmuni-muni;

ثُمَّ عَبَسَ وَبَسَرَ ﴿٢٢﴾

22. At siya ay kumunot at siya ay nayamot;

ثُمَّ أَدْبَرَ وَٱسْتَكْبَرَ ﴿٢٣﴾

23. At siya ay tumalikod at naging palalo;

فَقَالَ إِنْ هَٰذَآ إِلَّا سِحْرٌ يُؤْثَرُ ﴿٢٤﴾

24. At siya ay nagturing: "Ito ay wala ng iba kundi salamangka, mula pa noong unang panahon!

إِنْ هَٰذَآ إِلَّا قَوْلُ ٱلْبَشَرِ ﴿٢٥﴾

25. Ito ay wala ng iba maliban sa salita lamang ng isang tao!"

سَأُصْلِيهِ سَقَرَ ﴿٢٦﴾

26. Hindi magtatagal, Aking ihahagis siya sa Apoy ng Impiyerno!

وَمَآ أَدْرَىٰكَ مَا سَقَرُ ﴿٢٧﴾

27. At ano nga ba ang makapagpapahiwatig sa iyo kung ano ang *Saqar*?

لَا تُبْقِى وَلَا تَذَرُ ﴿٢٨﴾

28. Ito ay hindi nagpapaubaya (sa sinumang makasalanan), gayundin, ito ay hindi nag-iiwan (ng anumang bagay na hindi sunog)!,

لَوَّاحَةٌ لِّلْبَشَرِ ﴿٢٩﴾

29. Na nagpapaitim at nagpapabago sa kulay ng tao (dahilan sa pagkasunog)!

عَلَيْهَا تِسْعَةَ عَشَرَ ﴿٣٠﴾

30. Sa itaas nito ay may labingsiyam (na mga anghel bilang tagapagbantay at tagapanatili ng Impiyerno).

وَمَا جَعَلْنَآ أَصْحَٰبَ ٱلنَّارِ إِلَّا مَلَٰٓئِكَةً ۙ وَمَا جَعَلْنَا عِدَّتَهُمْ إِلَّا فِتْنَةً لِّلَّذِينَ كَفَرُوا۟ لِيَسْتَيْقِنَ ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ وَيَزْدَادَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوٓا۟ إِيمَٰنًا ۙ وَلَا يَرْتَابَ ٱلَّذِينَ أُوتُوا۟ ٱلْكِتَٰبَ وَٱلْمُؤْمِنُونَ ۙ وَلِيَقُولَ ٱلَّذِينَ فِى قُلُوبِهِم مَّرَضٌ وَٱلْكَٰفِرُونَ مَاذَآ أَرَادَ ٱللَّهُ بِهَٰذَا مَثَلًا ۚ

31. At hindi Kami nagtalaga ng mga tagapagbantay ng Apoy maliban sa mga anghel, at Aming itinakda lamang ang kanilang dami (19) bilang isang pagsubok sa mga hindi nananampalataya, - upang ang mga tao ng Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ay dumatal sa katiyakan (na ang Qur'an ay katotohanan na umaayon sa kanilang

كَذَٰلِكَ يُضِلُّ ٱللَّهُ مَن يَشَآءُ وَيَهۡدِي مَن يَشَآءُۚ وَمَا يَعۡلَمُ جُنُودَ رَبِّكَ إِلَّا هُوَۚ وَمَا هِيَ إِلَّا ذِكۡرَىٰ لِلۡبَشَرِ ﴿٣١﴾

mga Aklat, alalaong baga, ang kanilang bilang [19] ay nasusulat sa *Torah* [mga Batas] at Ebanghelyo), at upang ang mga sumasampalataya ay lalong mag-ibayo sa Pananalig at yaong mga nabigyan ng kasulatan at ang mga sumasampalataya ay hindi mag-alinlangan, at sila na sa kanilang kanilang puso ay may sakit (alalaong baga, ang pagkukunwari) at ang mga hindi sumasampalataya ay magsabi: "Ano baga ang nilalayon ni Allah sa pamamagitan nito bilang isang halimbawa"? Kaya't sa ganito, hinahayaan ni Allah na mapaligaw ang sinumang Kanyang maibigan at pinapatnubayan Niya ang sinumang Kanyang maibigan. At walang nakakaalam sa mga hukbo ng iyong Panginoon maliban sa Kanya. At ito (alalaong baga, ang Apoy) ay wala ng iba pa maliban na isang Paala-ala (babala at tagubilin) sa sangkatauhan.

كَلَّا وَٱلۡقَمَرِ ﴿٣٢﴾

32. Hindi! At Ako (Allah) ay nanunumpa sa buwan,

وَٱلَّيۡلِ إِذۡ أَدۡبَرَ ﴿٣٣﴾

33. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa gabi kung ito ay humimlay,

وَٱلصُّبۡحِ إِذَآ أَسۡفَرَ ﴿٣٤﴾

34. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa bukang-liwayway kung ito ay namamanaag,

إِنَّهَا لَإِحۡدَى ٱلۡكُبَرِ ﴿٣٥﴾

35. Katotohanang ito ay isa lamang sa mga Matitibay na Palatandaan (Impiyerno, o ang kanilang pagtatatwa kay Propeta Muhammad, o ang Araw ng Muling Pagkabuhay),

نَذِيرٗا لِّلۡبَشَرِ ﴿٣٦﴾

36. Bilang pagpapaala-ala sa sangkatauhan,

لِمَن شَآءَ مِنكُمۡ أَن يَتَقَدَّمَ أَوۡ يَتَأَخَّرَ ﴿٣٧﴾

37. Sa sinuman sa inyo na nagpasyang tumahak nang pasulong (sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan), o magpaiwan sa likuran (sa pamamagitan ng paggawa ng kasamaan),

كُلُّ نَفۡسِۭ بِمَا كَسَبَتۡ رَهِينَةٌ ﴿٣٨﴾

38. Ang bawat tao (kaluluwa) ay isang sanla sa kanyang mga gawa,

إِلَّآ أَصۡحَٰبَ ٱلۡيَمِينِ ﴿٣٩﴾

39. Maliban sa kanila na mga kasamahan ng nasa Kanan (alalaong baga, ang mga tunay na nananampalataya sa Kaisahan ni Allah na bibigyan ng kanilang talaan sa kanang kamay);

فِي جَنَّٰتٖ يَتَسَآءَلُونَ ﴿٤٠﴾

40. Sila ay mapapasa-Halamanan ng Kaligayahan, at nagtatanungan sa isa't isa,

عَنِ ٱلْمُجْرِمِينَ ﴿٤١﴾

41. Ng tungkol sa mga makasalanan (mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig, kriminal), [at sila ay mangungusap sa kanila]:

مَا سَلَكَكُمْ فِى سَقَرَ ﴿٤٢﴾

42. "Ano ang naghatid sa inyo tungo sa Apoy ng Impiyerno?"

قَالُوا۟ لَمْ نَكُ مِنَ ٱلْمُصَلِّينَ ﴿٤٣﴾

43. Sila ay magsasabi: "Kami ay kabilang sa mga hindi nag-aalay ng *Salah* (takdang pagdarasal),

وَلَمْ نَكُ نُطْعِمُ ٱلْمِسْكِينَ ﴿٤٤﴾

44. At kami rin ay hindi kabilang sa nagbibigay ng pagkain sa naghihikahos,

وَكُنَّا نَخُوضُ مَعَ ٱلْخَآئِضِينَ ﴿٤٥﴾

45. At nahirati kami na nangag-uusapan ng kabulaanan (na kinamumuhiang lahat ni Allah) sa mga walang saysay na pangungusap,

وَكُنَّا نُكَذِّبُ بِيَوْمِ ٱلدِّينِ ﴿٤٦﴾

46. At kami ay lagi nang nagpapasinungaling sa Araw ng Paghuhukom,

حَتَّىٰٓ أَتَىٰنَا ٱلْيَقِينُ ﴿٤٧﴾

47. Hanggang sa sumapit sa amin ang tiyak na Takdang Oras (kamatayan)".

فَمَا تَنفَعُهُمْ شَفَٰعَةُ ٱلشَّٰفِعِينَ ﴿٤٨﴾

48. At ang pamamagitan ng mga namamagitan ay walang kapakinabangan sa kanila.

فَمَا لَهُمْ عَنِ ٱلتَّذْكِرَةِ مُعْرِضِينَ ﴿٤٩﴾

49. Kung gayon, ano ang bagay (na nagpapagulo) sa kanila (mga hindi sumasampalataya), na sila sa Paala-ala ay tumatalikod nang palayo?,

كَأَنَّهُمْ حُمُرٌ مُّسْتَنفِرَةٌ ﴿٥٠﴾

50. Na wari bang sila ay mga nasisindak na asno,

فَرَّتْ مِن قَسْوَرَةٍ ﴿٥١﴾

51. Na tumatalilis sa leon!

بَلْ يُرِيدُ كُلُّ ٱمْرِئٍ مِّنْهُمْ أَن يُؤْتَىٰ صُحُفًا مُّنَشَّرَةً ﴿٥٢﴾

52. Datapuwa't ang bawat isa sa lipon nila ay nagnanais na siya ay bigyan ng mga kasulatan (kapahayagan) na nakaladlad (alalaong baga, na nakasulat dito na ang Islam ang tamang Pananampalataya at si Muhammad ay dumatal na may dalang katotohanan mula kay Allah, ang Panginoon ng kalangitan at kalupaan).

كَلَّا ۖ بَل لَّا يَخَافُونَ ٱلْءَاخِرَةَ ﴿٥٣﴾

53. Hindi! Datapuwa't sila ay hindi nangangamba sa (kaparusahan ni Allah) sa Kabilang Buhay.

كَلَّآ إِنَّهُۥ تَذْكِرَةٌ ﴿٥٤﴾

54. Hindi! Katotohanang ito (ang Qur'an) ay isang Paala-ala,

فَمَن شَآءَ ذَكَرَهُۥ ﴿٥٥﴾

55. Kaya't sinuman ang magnais (hayaan siyang bumasa nito) at tumanggap ng tagubilin (mula rito)!

وَمَا يَذْكُرُونَ إِلَّآ أَن يَشَآءَ ٱللَّهُ ۚ هُوَ أَهْلُ ٱلتَّقْوَىٰ وَأَهْلُ ٱلْمَغْفِرَةِ ﴿٥٦﴾

56. At sila ay hindi tatanggap ng tagubilin malibang pahintulutan ni Allah. Siya ay karapat-dapat na pangambahan at sapat na para (maggawad) ng pagpapatawad.



Surah 75

Surat Al-Qiyamah
(Ang Muling Pagkabuhay)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Araw ng Muling Pagkabuhay,

لَآ أُقْسِمُ بِيَوْمِ ٱلْقِيَٰمَةِ ﴿١﴾

2. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa tao na nagsisisi (isang nananampalataya) [sa katiyakan ng Muling Pagkabuhay].

وَلَآ أُقْسِمُ بِٱلنَّفْسِ ٱللَّوَّامَةِ ﴿٢﴾

3. Napag-aakala ba ng tao (na walang pananampalataya) na hindi Namin muling maisasaayos ang kanyang mga buto?

أَيَحْسَبُ ٱلْإِنسَٰنُ أَلَّن نَّجْمَعَ عِظَامَهُۥ ﴿٣﴾

4. Katotohanan! Muli Naming maibabalik nang ganap at maayos ang dulo ng kanyang mga daliri.

بَلَىٰ قَٰدِرِينَ عَلَىٰٓ أَن نُّسَوِّيَ بَنَانَهُۥ ﴿٤﴾

5. Katotohanan, ang tao ay nagnanais na magpatuloy sa kanyang kasamaan (sa kanyang pagtatatwa ng Muling Pagkabuhay).

بَلْ يُرِيدُ ٱلْإِنسَٰنُ لِيَفْجُرَ أَمَامَهُۥ ﴿٥﴾

6. Siya ay nag-uusisa: "Kailan baga matutupad ang Araw ng Muling Pagkabuhay?"

يَسْـَٔلُ أَيَّانَ يَوْمُ ٱلْقِيَٰمَةِ ﴿٦﴾

7. Kapag ang paningin ay masilaw,

فَإِذَا بَرِقَ ٱلْبَصَرُ ﴿٧﴾

8. At ang buwan ay magdilim,

وَخَسَفَ ٱلْقَمَرُ ﴿٨﴾

9. At ang araw at buwan ay pagsamahin (sa pamamagitan ng paglapit sa isa't isa o ang matiklop at mawalan ng kanilang liwanag).

وَجُمِعَ ٱلشَّمْسُ وَٱلْقَمَرُ ﴿٩﴾

10. Sa Araw na ito, ang tao ay magsasabi: "Saan ako tatalilis (na may kaligtasan)"?

يَقُولُ ٱلْإِنسَٰنُ يَوْمَئِذٍ أَيْنَ ٱلْمَفَرُّ ﴿١٠﴾

11. Katotohanan, na walang matatakbuhan (na may kaligtasan)!

كَلَّا لَا وَزَرَ ﴿١١﴾

12. Tanging sa iyong Panginoon lamang ang lugar ng kapahingahan sa Araw na ito.

إِلَىٰ رَبِّكَ يَوْمَئِذٍ ٱلْمُسْتَقَرُّ ﴿١٢﴾

13. Sa Araw na ito, ang tao ay pagsasabihan nang lahat ng kanyang nagawa (maging mabuti man o masama).

يُنَبَّؤُا۟ ٱلْإِنسَٰنُ يَوْمَئِذٍۭ بِمَا قَدَّمَ وَأَخَّرَ ﴿١٣﴾

بَلِ ٱلْإِنسَٰنُ عَلَىٰ نَفْسِهِۦ بَصِيرَةٌ ﴿١٤﴾

14. Katotohanan! Ang tao ang saksi laban sa kanyang sarili (sapagkat ang mga bahagi ng kanyang katawan ang magsasalita hinggil sa kanyang mga ginawa).

وَلَوْ أَلْقَىٰ مَعَاذِيرَهُۥ ﴿١٥﴾

15. Kahima't magtambad siya ng mga dahilan (upang umiwas at pagtakpan ang kanyang masasamang gawa).

لَا تُحَرِّكْ بِهِۦ لِسَانَكَ لِتَعْجَلَ بِهِۦٓ ﴿١٦﴾

16. Huwag mong pagalawin ang iyong dila (O Muhammad) upang madaliin ito (alalaong baga, ang pagdalit ng Qur'an).

إِنَّ عَلَيْنَا جَمْعَهُۥ وَقُرْءَانَهُۥ ﴿١٧﴾

17. Katotohanang Kami (Allah) ang marapat na magtipon nito at magbigay sa iyo (O Muhammad) ng kakayahan na dalitin ito (ang Qur'an),

فَإِذَا قَرَأْنَٰهُ فَٱتَّبِعْ قُرْءَانَهُۥ ﴿١٨﴾

18. At matapos na ito ay Aming dalitin sa iyo (O Muhammad, sa pamamagitan ni anghel Gabriel), kung gayon, iyong sundin ang pagbigkas (ng Qur'an).

ثُمَّ إِنَّ عَلَيْنَا بَيَانَهُۥ ﴿١٩﴾

19. Pagkatapos, Kami ay marapat na gawin sa iyo na maging maliwanag ito,

كَلَّا بَلْ تُحِبُّونَ ٱلْعَاجِلَةَ ﴿٢٠﴾

20. Hindi (ng ayon sa inyong iniisip na kayo [sangkatauhan] ay hindi ibabangong muli at babayaran sa inyong mga gawa), datapuwa't tunay nga na higit ninyong minamahal ang panandaliang buhay na ito,

وَتَذَرُونَ ٱلْءَاخِرَةَ ﴿٢١﴾

21. At nagwawalang-bahala kayo sa Kabilang Buhay.

وُجُوهٌ يَوْمَئِذٍ نَّاضِرَةٌ ﴿٢٢﴾

22. Sa Araw na ito, ang ibang mukha ay magniningning sa kislap at kagandahan,

إِلَىٰ رَبِّهَا نَاظِرَةٌ ﴿٢٣﴾

23. Na nagmamalas sa kanilang Panginoon (Allah);

وَوُجُوهٌ يَوْمَئِذٍۭ بَاسِرَةٌ ﴿٢٤﴾

24. At sa Araw na ito, ang ibang mukha ay kakikitaan ng dilim (at kalungkutan, lumbay, hapis, pagkunot ng noo),

تَظُنُّ أَن يُفْعَلَ بِهَا فَاقِرَةٌ ﴿٢٥﴾

25. Na nag-aakala na ang ilang kapahamakan (at kapinsalaan) ay sasapit na sa kanila.

كَلَّآ إِذَا بَلَغَتِ ٱلتَّرَاقِىَ ﴿٢٦﴾

26. Katotohanan! Kapag ang kaluluwa ay umabot na sa buto ng kuwelyo (alalaong baga, hanggang sa lalamunan sa kanyang paglabas sa sandali ng kamatayan);

وَقِيلَ مَنْ ۜ رَاقٍ ﴿٢٧﴾

27. At may magsasabi: "Sino ang makapagpapagaling sa kanya (at makapagliligtas sa kanya sa kamatayan)?

28. At siya na rin (ang mamamatay na tao) ang makatatalos na ito na (ang sandali) ng paglisan (kamatayan);

وَظَنَّ أَنَّهُ ٱلْفِرَاقُ ﴿٢٨﴾

29. At ang binti ay idurugtong sa ibang binti (alalaong baga, ang sakit at hirap ay idurugtong sa ibayong sakit at hirap).

وَٱلْتَفَّتِ ٱلسَّاقُ بِٱلسَّاقِ ﴿٢٩﴾

30. Ang pagtataboy ay mangyayari sa Araw na yaon (tungo) sa iyong Panginoon!

إِلَىٰ رَبِّكَ يَوْمَئِذٍ ٱلْمَسَاقُ ﴿٣٠﴾

31. Sapagkat siya ay hindi sumampalataya (sa Qur'an at sa Mensahe ni Muhammad), o nagdasal kaya!

فَلَا صَدَّقَ وَلَا صَلَّىٰ ﴿٣١﴾

32. At sa kabalintunaan, siya ay nagpabulaan (sa Qur'an at sa Mensahe ni Muhammad) at tumalikod!

وَلَٰكِن كَذَّبَ وَتَوَلَّىٰ ﴿٣٢﴾

33. At siya ay pumaroon sa kanyang pamilya na batbat ng kapalaluan na humahanga sa kanyang sarili!

ثُمَّ ذَهَبَ إِلَىٰٓ أَهْلِهِۦ يَتَمَطَّىٰٓ ﴿٣٣﴾

34. Kasawian sa iyo (O tao na walang pananampalataya)! Tunay ngang kasawian sa iyo!

أَوْلَىٰ لَكَ فَأَوْلَىٰ ﴿٣٤﴾

35. At muli, kasawian sa iyo (O tao na walang pananampalataya)! Tunay ngang kasawian sa iyo!

ثُمَّ أَوْلَىٰ لَكَ فَأَوْلَىٰٓ ﴿٣٥﴾

36. Inaakala ba ng tao na siya ay pababayaan (at kakalimutan na hindi na paparusahan o hindi na gagantimpalaan sa kanyang mga takdang katungkulan na itinagubilin sa kanya ng kanyang Panginoon [Allah])?

أَيَحْسَبُ ٱلْإِنسَٰنُ أَن يُتْرَكَ سُدًى ﴿٣٦﴾

37. Hindi baga siya ay isa lamang *Nutfah* (magkahalong katas ng semilya ng lalaki at babae) na ibinuhos?

أَلَمْ يَكُ نُطْفَةً مِّن مَّنِىٍّ يُمْنَىٰ ﴿٣٧﴾

38. At pagkatapos, siya ay naging *Alaqa* (namuo sa paglaki) at binigyan siya ni Allah ng hugis (at anyo),

ثُمَّ كَانَ عَلَقَةً فَخَلَقَ فَسَوَّىٰ ﴿٣٨﴾

39. At ginawa siya sa dalawang kasarian, lalaki at babae.

فَجَعَلَ مِنْهُ ٱلزَّوْجَيْنِ ٱلذَّكَرَ وَٱلْأُنثَىٰٓ ﴿٣٩﴾

40. Hindi baga Siya (Allah) na lumalang sa kanya (sa unang paglikha) ay makapagpapanumbalik ng buhay ng patay? (Katotohanang Siya ay makagagawa ng lahat ng bagay).

أَلَيْسَ ذَٰلِكَ بِقَٰدِرٍ عَلَىٰٓ أَن يُحْۦِىَ ٱلْمَوْتَىٰ ﴿٤٠﴾

Surah 76

Surat Al-Insan
(Ang Panahon o Tao)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

هَلْ أَتَىٰ عَلَى ٱلْإِنسَٰنِ حِينٌ مِّنَ ٱلدَّهْرِ لَمْ يَكُن شَيْـًٔا مَّذْكُورًا ﴿١﴾

1. Hindi baga dumatal sa tao ang isang panahon na siya ay hindi (man lamang) isang bagay na nababanggit?

إِنَّا خَلَقْنَا ٱلْإِنسَٰنَ مِن نُّطْفَةٍ أَمْشَاجٍ نَّبْتَلِيهِ فَجَعَلْنَٰهُ سَمِيعًۢا بَصِيرًا ﴿٢﴾

2. Katotohanang Aming nilikha ang tao mula sa *Nutfah* (magkahalong katas ng semilya ng lalaki at babae) upang siya ay Aming masubukan, kaya't Aming ginawaran siya ng pandinig at pangmasid.

إِنَّا هَدَيْنَٰهُ ٱلسَّبِيلَ إِمَّا شَاكِرًا وَإِمَّا كَفُورًا ﴿٣﴾

3. Katotohanang Aming ginabayan siya sa (tamang) landas, kahima't siya ay may pagtanaw ng pasasalamat o walang pagtanaw ng pasasalamat.

إِنَّآ أَعْتَدْنَا لِلْكَٰفِرِينَ سَلَٰسِلَا۠ وَأَغْلَٰلًا وَسَعِيرًا ﴿٤﴾

4. At sa mga nagtatakwil sa pananampalataya ay Aming inihanda ang mga bakal na kadena, ang mga gapos (sa leeg) at Naglalagablab na Apoy.

إِنَّ ٱلْأَبْرَارَ يَشْرَبُونَ مِن كَأْسٍ كَانَ مِزَاجُهَا كَافُورًا ﴿٥﴾

5. Katotohanang sa mga matutuwid (na nangangamba kay Allah at umiiwas sa kasalanan) ay magsisiinom sa kopita na ang laman nito (ay alak) na hinaluan ng tubig mula sa batis ng Paraiso na tinatawag na *Kafur*.

عَيْنًا يَشْرَبُ بِهَا عِبَادُ ٱللَّهِ يُفَجِّرُونَهَا تَفْجِيرًا ﴿٦﴾

6. Isang bukal na kung saan ang mga alipin ni Allah ay magsisiinom, na dumadaloy nang masagana at hindi magmamaliw.

يُوفُونَ بِٱلنَّذْرِ وَيَخَافُونَ يَوْمًا كَانَ شَرُّهُۥ مُسْتَطِيرًا ﴿٧﴾

7. (Sapagkat) sila yaong nakatupad ng (kanilang) panata at nangangamba sa Araw na ang kasamaan ay magsisipangalat (nang malayo at malawak).

وَيُطْعِمُونَ ٱلطَّعَامَ عَلَىٰ حُبِّهِۦ مِسْكِينًا وَيَتِيمًا وَأَسِيرًا ﴿٨﴾

8. At sila ay nagkakaloob ng pagkain dahilan sa pagmamahal kay Allah sa nagdarahop, sa ulila at napipiit.

إِنَّمَا نُطْعِمُكُمْ لِوَجْهِ ٱللَّهِ لَا نُرِيدُ مِنكُمْ جَزَآءً وَلَا شُكُورًا ﴿٩﴾

9. (Na nagsasabi): "Katotohanang kami ay nagpapakain sa inyo para sa kasiyahan ni Allah. Kami ay hindi naghahangad ng pabuya (gantimpala), gayundin ng pasasalamat mula sa inyo.

إِنَّا نَخَافُ مِن رَّبِّنَا يَوْمًا عَبُوسًا قَمْطَرِيرًا ﴿١٠﴾

10. Katotohanang kami ay nangangamba sa aming Panginoon sa Araw na mahigpit (mabalasik) at nakahahapis."

فَوَقَىٰهُمُ ٱللَّهُ شَرَّ ذَٰلِكَ ٱلْيَوْمِ وَلَقَّىٰهُمْ نَضْرَةً وَسُرُورًا ﴿١١﴾

11. Kaya't sila ay iniligtas ni Allah sa kasamaan ng Araw na yaon at biniyayaan sila ng ningning at kaligayahan.

وَجَزَىٰهُم بِمَا صَبَرُوا۟ جَنَّةً وَحَرِيرًا ﴿١٢﴾

12. At (Kanyang) gagantimpalaan sila sa anumang (gawa) na matiyaga nilang pinagtiisan, ng isang Halamanan (sa Paraiso) at (mga kasuutang yari sa) sutla.

مُّتَّكِـِٔينَ فِيهَا عَلَى ٱلْأَرَآئِكِ ۖ لَا يَرَوْنَ فِيهَا شَمْسًا وَلَا زَمْهَرِيرًا ﴿١٣﴾

13. Sila ay magsisihilig dito sa mga napapalamutihang supa (diban). Sila ay hindi makamamalas dito nang labis na init ng araw, gayundin nang labis na lamig (sapagkat sa Paraiso ay walang araw at buwan).

وَدَانِيَةً عَلَيْهِمْ ظِلَـٰلُهَا وَذُلِّلَتْ قُطُوفُهَا تَذْلِيلًا ﴿١٤﴾

14. At ang lilim (ng Halamanan) dito ay nakababa sa kanila, at ang mga kumpol ng hitik na bunga ay nakabitin nang mababa na abot-kamay nila.

وَيُطَافُ عَلَيْهِم بِـَٔانِيَةٍ مِّن فِضَّةٍ وَأَكْوَابٍ كَانَتْ قَوَارِيرَا۠ ﴿١٥﴾

15. At sa kanila ay palibot na idudulot ang mabibilog na banga na yari sa pilak at mga kopitang kristal,

قَوَارِيرَا۠ مِن فِضَّةٍ قَدَّرُوهَا تَقْدِيرًا ﴿١٦﴾

16. Kristal na kumikislap na gawa sa pilak. Kanilang itatakda rito ang sukat (ng inumin) ayon sa kanilang maibigan.

وَيُسْقَوْنَ فِيهَا كَأْسًا كَانَ مِزَاجُهَا زَنجَبِيلًا ﴿١٧﴾

17. At sila ay dudulutan upang uminom sa kopita na ang laman (ay alak) na nahahaluan ng *Zanjabil* (luya),

عَيْنًا فِيهَا تُسَمَّىٰ سَلْسَبِيلًا ﴿١٨﴾

18. Mula sa isang bukal ng tubig dito na tinatawag na *Salsabil*.

وَيَطُوفُ عَلَيْهِمْ وِلْدَٰنٌ مُّخَلَّدُونَ إِذَا رَأَيْتَهُمْ حَسِبْتَهُمْ لُؤْلُؤًا مَّنثُورًا ﴿١٩﴾

19. At sa kanila ay nakapalibot ang (nagsisilbing) mga lalaki na may hindi nagmamaliw na kabataan, na kung sila ay inyong mapagmamalas ay iisipin ninyo na sila ay wari bang nagkalat na mga perlas.

وَإِذَا رَأَيْتَ ثَمَّ رَأَيْتَ نَعِيمًا وَمُلْكًا كَبِيرًا ﴿٢٠﴾

20. At kung tutunghay kayo rito (Paraiso), kayo ay makamamalas ng Sukdol na Kaligayahan (na

hindi kayang hagapin) at isang Dakilang Paghahari.

عَٰلِيَهُمْ ثِيَابُ سُندُسٍ خُضْرٌ وَإِسْتَبْرَقٌ ۖ وَحُلُّوٓا۟ أَسَاوِرَ مِن فِضَّةٍ وَسَقَىٰهُمْ رَبُّهُمْ شَرَابًا طَهُورًا ﴿٢١﴾

21. Ang kanilang mga kasuutan ay kulay luntiang sutla na napapalamutihan ng ginto. Sila ay gagayakan ng mga pulseras na pilak at ang kanilang Panginoon ay magkakaloob sa kanila ng dalisay na inumin.

إِنَّ هَٰذَا كَانَ لَكُمْ جَزَآءً وَكَانَ سَعْيُكُم مَّشْكُورًا ﴿٢٢﴾

22. (At sa kanila ay ipagbabadya): "Katotohanang ito ang gantimpala sa inyo at ang inyong pagsisikap ay pinahalagahan".

إِنَّا نَحْنُ نَزَّلْنَا عَلَيْكَ ٱلْقُرْءَانَ تَنزِيلًا ﴿٢٣﴾

23. Katotohanang Kami ang nagpahayag sa iyo (O Muhammad) ng Qur'an nang baha-bahagi (sunud-sunod na antas),

فَٱصْبِرْ لِحُكْمِ رَبِّكَ وَلَا تُطِعْ مِنْهُمْ ءَاثِمًا أَوْ كَفُورًا ﴿٢٤﴾

24. Kaya't maging matiyaga at matimtiman ka (O Muhammad) at tumalima sa kapasiyahan ng iyong Panginoon (si Allah, sa pamamagitan ng pagganap ng iyong tungkulin sa Kanya at sa pagpapalaganap ng Kanyang Mensahe sa sangkatauhan) at huwag kang makinig sa makasalanan, gayundin sa mga hindi sumasampalataya sa kanilang lipon.

وَٱذْكُرِ ٱسْمَ رَبِّكَ بُكْرَةً وَأَصِيلًا ﴿٢٥﴾

25. At gunitain (o luwalhatiin) ang Pangalan ng iyong Panginoon sa bawat umaga at hapon (alalaong baga, ang mag-alay ng panalangin sa umaga (*Fajr*), tanghali (*Zuhur*) at hapon (*Asr*),

وَمِنَ ٱلَّيْلِ فَٱسْجُدْ لَهُۥ وَسَبِّحْهُ لَيْلًا طَوِيلًا ﴿٢٦﴾

26. At sa panahon ng gabi ay magpatirapa ka sa Kanya at ipagbantog (ang papuri) sa Kanya sa mahabang bahagi ng gabi (alalaong baga, ang mag-alay ng panalangin sa takipsilim [*Maghrib*], gabi [*Isha*] at sa gitna ng gabi [*Tahajjud*]).

إِنَّ هَٰٓؤُلَآءِ يُحِبُّونَ ٱلْعَاجِلَةَ وَيَذَرُونَ وَرَآءَهُمْ يَوْمًا ثَقِيلًا ﴿٢٧﴾

27. Katotohanan, ang mga hindi sumasampalataya ay nagmamahal (sa panandaliang) buhay sa mundong ito at pinabayaan nila (at hindi binigyan ng pahalaga) ang matimbang na Araw (na magiging mahirap).

نَّحْنُ خَلَقْنَٰهُمْ وَشَدَدْنَآ أَسْرَهُمْ ۖ وَإِذَا شِئْنَا بَدَّلْنَآ أَمْثَٰلَهُمْ تَبْدِيلًا ﴿٢٨﴾

28. Kami (Allah) ang lumikha sa kanila at ginawa Naming matibay ang kanilang balangkas (ng buto). At kung Aming naisin, magagawa Naming palitan sila ng iba na katulad din nila nang buong-buo.

إِنَّ هَٰذِهِۦ تَذْكِرَةٌ ۖ فَمَن شَآءَ ٱتَّخَذَ إِلَىٰ رَبِّهِۦ سَبِيلًا ﴿٢٩﴾

29. Katotohanan! Ang (mga Talata ng Qur'an) ay isang Pagpapaala-ala (tagubilin), kaya't

sinuman ang magnais, hayaan siya na tahakin ang Landas tungo sa kanyang Panginoon (Allah).

وَمَا تَشَآءُونَ إِلَّآ أَن يَشَآءَ ٱللَّهُ ۚ إِنَّ ٱللَّهَ كَانَ عَلِيمًا حَكِيمًا ﴿٣٠﴾

30. At kayo ay hindi makagagawa ng anumang nais ninyong gawin malibang ito ay pahintulutan ni Allah. Katotohanang si Allah ay Lalagi nang Pinakamaalam, ang Tigib ng Karunungan.

يُدۡخِلُ مَن يَشَآءُ فِي رَحۡمَتِهِۦ ۚ وَٱلظَّٰلِمِينَ أَعَدَّ لَهُمۡ عَذَابًا أَلِيمًا ﴿٣١﴾

31. Tatanggapin Niya sa Kanyang Habag ang sinumang Kanyang maibigan, datapuwa't sa mga tampalasan (mapagsamba sa diyus-diyosan, pagano, makasalanan, walang pananalig) ay Kanyang inihanda (para sa kanila) ang Kasakit-sakit na Kaparusahan.

سُورَةُ ٱلْمُرْسَلَٰتِ

Surah 77

Surat Al-Mursalat
(Silang Mga Isinugo)

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

وَٱلۡمُرۡسَلَٰتِ عُرۡفًا ﴿١﴾

1. Ako (Allah) ay nanunumpa sa hangin na ipinarating sa unahan nang pabugso,

فَٱلۡعَٰصِفَٰتِ عَصۡفًا ﴿٢﴾

2. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa hangin na marahas na umiihip,

وَٱلنَّٰشِرَٰتِ نَشۡرًا ﴿٣﴾

3. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa hangin na nagsisipangalat ng mga ulap at ulan,

فَٱلۡفَٰرِقَٰتِ فَرۡقًا ﴿٤﴾

4. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa mga Talata (ng Qur'an) na nagbubukod sa wasto at mali,

فَٱلۡمُلۡقِيَٰتِ ذِكۡرًا ﴿٥﴾

5. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa mga anghel na nagdadala ng mga kapahayagan sa mga Sugo,

عُذۡرًا أَوۡ نُذۡرًا ﴿٦﴾

6. Bilang pagbibigay-katarungan o babala.

إِنَّمَا تُوعَدُونَ لَوَٰقِعٌ ﴿٧﴾

7. Katotohanan! Ang ipinangako sa inyo ay magaganap.

فَإِذَا ٱلنُّجُومُ طُمِسَتۡ ﴿٨﴾

8. At kapag ang mga bituin ay mawalan ng liwanag;

9. At kapag ang kalangitan ay mabiyak na lansag-lansag;

وَإِذَا ٱلسَّمَآءُ فُرِجَتْ ﴿٩﴾

10. At kapag ang kabundukan ay hinipan (gumuho at maging alabok);

وَإِذَا ٱلْجِبَالُ نُسِفَتْ ﴿١٠﴾

11. At kapag ang mga Sugo ay tipunin sa takdang oras;

وَإِذَا ٱلرُّسُلُ أُقِّتَتْ ﴿١١﴾

12. Para sa ano bang Araw ito ay ibinimbin?

لِأَيِّ يَوْمٍ أُجِّلَتْ ﴿١٢﴾

13. Para sa Araw ng Paghuhukom (o Kapasiyahan).

لِيَوْمِ ٱلْفَصْلِ ﴿١٣﴾

14. At ano nga ba ang makapagpapahiwatig sa iyo kung ano ang Araw ng Paghuhukom?

وَمَآ أَدْرَىٰكَ مَا يَوْمُ ٱلْفَصْلِ ﴿١٤﴾

15. Ah! Kasawian (ang sasapit) sa Araw na ito sa mga nagtatakwil sa katotohanan (ng Araw ng Muling Pagkabuhay)!

وَيْلٌ يَوْمَئِذٍ لِّلْمُكَذِّبِينَ ﴿١٥﴾

16. Hindi baga Namin winasak ang mga naunang (nakaraang) tao?

أَلَمْ نُهْلِكِ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿١٦﴾

17. At pagkatapos ay sinundan Namin sila ng huling lahi (na natulad sa kanila).

ثُمَّ نُتْبِعُهُمُ ٱلْآخِرِينَ ﴿١٧﴾

18. Kaya't sa ganito Namin pakikitunguhan ang mga makasalanan (walang pananalig, mapagsamba sa diyus-diyosan, kriminal)!

كَذَٰلِكَ نَفْعَلُ بِٱلْمُجْرِمِينَ ﴿١٨﴾

19. Ah! Kasawian (ang sasapit) sa Araw na ito sa mga nagtatakwil sa katotohanan (ng Araw ng Muling Pagkabuhay)!

وَيْلٌ يَوْمَئِذٍ لِّلْمُكَذِّبِينَ ﴿١٩﴾

20. Hindi baga kayo ay nilikha Namin mula sa katas na walang halaga (walang saysay)?

أَلَمْ نَخْلُقكُّم مِّن مَّآءٍ مَّهِينٍ ﴿٢٠﴾

21. At inilagay Namin ito sa ligtas na himlayan na matibay na nakatatag (alalaong baga, sa sinapupunan ng ina),

فَجَعَلْنَٰهُ فِى قَرَارٍ مَّكِينٍ ﴿٢١﴾

22. Sa natatakdaang panahon (ng paglaki ayon sa bilang ng buwan ng pagbubuntis)?

إِلَىٰ قَدَرٍ مَّعْلُومٍ ﴿٢٢﴾

23. At Kami ang nag-ayos (at nagtakda nito sa ganap na sukat, o nagtadhana). Gaano kahusay ang Aming pagsasaayos (at pagtatakda)!

فَقَدَرْنَا فَنِعْمَ ٱلْقَٰدِرُونَ ﴿٢٣﴾

24. Ah! Kasawian (ang sasapit) sa Araw na ito sa mga nagtatakwil sa katotohanan (ng Araw ng Muling Pagkabuhay)!

وَيْلٌ يَوْمَئِذٍ لِّلْمُكَذِّبِينَ ﴿٢٤﴾

25. Hindi baga Namin ginawa ang kalupaan na lalagyan (at sisidlan),

أَلَمْ نَجْعَلِ ٱلْأَرْضَ كِفَاتًا ﴿٢٥﴾

26. Para sa (mga) buhay at patay?,

أَحْيَآءً وَأَمْوَٰتًا ﴿٢٦﴾

وَجَعَلْنَا فِيهَا رَوَاسِيَ شَمِخَاتٍ وَأَسْقَيْنَاكُم مَّاءً فُرَاتًا ﴿٢٧﴾

27. At nagtatag dito nang matataas (at matitibay) na bundok at naggawad sa inyo ng malinamnam na tubig na maiinom?

وَيْلٌ يَوْمَئِذٍ لِّلْمُكَذِّبِينَ ﴿٢٨﴾

28. Ah! Kasawian (ang sasapit) sa Araw na ito sa mga nagtatakwil sa katotohanan (ng Araw ng Muling Pagkabuhay)!

انطَلِقُوا إِلَىٰ مَا كُنتُم بِهِ تُكَذِّبُونَ ﴿٢٩﴾

29. (At sa kanila na hindi sumasampalataya ay ipagbabadya): "Magsiparoon kayo sa (kaparusahan) na lagi ninyong itinatatwa!

انطَلِقُوا إِلَىٰ ظِلٍّ ذِي ثَلَاثِ شُعَبٍ ﴿٣٠﴾

30. Magsiparoon kayo sa Lilim (ng tumataas na usok ng Impiyerno) sa tatlong hanay,

لَّا ظَلِيلٍ وَلَا يُغْنِي مِنَ اللَّهَبِ ﴿٣١﴾

31. (Na hindi makapagbibigay) sa inyo ng lilim ng kaginhawahan, gayundin ng pananggalang sa Naglalagablab na Apoy."

إِنَّهَا تَرْمِي بِشَرَرٍ كَالْقَصْرِ ﴿٣٢﴾

32. Katotohanan! Ito (Impiyerno) ay naghahagis ng tilamsik (ng apoy) na (kasinglaki) ng malaking palasyo (o mahabang troso),

كَأَنَّهُ جِمَالَتٌ صُفْرٌ ﴿٣٣﴾

33. Na wari bang isang pangkat ng mga kamelyo na kulay dilaw.

وَيْلٌ يَوْمَئِذٍ لِّلْمُكَذِّبِينَ ﴿٣٤﴾

34. Ah! Kasawian (ang sasapit) sa Araw na ito sa mga nagtatakwil sa katotohanan (ng Araw ng Muling Pagkabuhay)!

هَٰذَا يَوْمُ لَا يَنطِقُونَ ﴿٣٥﴾

35. Ito ang Araw na sila ay hindi makapagsasalita,

وَلَا يُؤْذَنُ لَهُمْ فَيَعْتَذِرُونَ ﴿٣٦﴾

36. Gayundin, sila ay hindi papayagan na gumawa ng dahilan (o pag-iwas).

وَيْلٌ يَوْمَئِذٍ لِّلْمُكَذِّبِينَ ﴿٣٧﴾

37. Ah! Kasawian (ang sasapit) sa Araw na ito sa mga nagtatakwil sa katotohanan (ng Araw ng Muling Pagkabuhay)!

هَٰذَا يَوْمُ الْفَصْلِ جَمَعْنَاكُمْ وَالْأَوَّلِينَ ﴿٣٨﴾

38. Ito ang Araw ng Kapasiyahan! Kayo ay Aming titipunin nang sama-sama gayundin ang inyong mga ninuno.

فَإِن كَانَ لَكُمْ كَيْدٌ فَكِيدُونِ ﴿٣٩﴾

39. Kaya't (ngayon) kung kayo ay may pakana (balak), inyong gamitin ito laban sa Akin!

وَيْلٌ يَوْمَئِذٍ لِّلْمُكَذِّبِينَ ﴿٤٠﴾

40. Ah! Kasawian (ang sasapit) sa Araw na ito sa mga nagtatakwil sa katotohanan (ng Araw ng Muling Pagkabuhay)!

إِنَّ الْمُتَّقِينَ فِي ظِلَالٍ وَعُيُونٍ ﴿٤١﴾

41. At katotohanang sa mga matutuwid na nananampalataya kay Allah (at may pangangamba sa Kanya), sila ay mananahan sa gitna ng mga lilim at mga bukal (ng Paraiso),

42. At mga bungangkahoy sa anumang kanilang maibigan.

وَفَوَٰكِهَ مِمَّا يَشْتَهُونَ ﴿٤٢﴾

43. (At sa kanila ay ipagbabadya): "Magsikain at uminom kayo sa inyong kasiyahan (bilang kabayaran) sa inyong pinagsumikapan (na kabutihan)."

كُلُوا۟ وَٱشْرَبُوا۟ هَنِيٓـًٔۢا بِمَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ﴿٤٣﴾

44. Katotohanang sa ganito Namin ginagantihan ang *Muhsinun* (mga matutuwid na nananampalataya kay Allah at mapaggawa ng kabutihan).

إِنَّا كَذَٰلِكَ نَجْزِى ٱلْمُحْسِنِينَ ﴿٤٤﴾

45. Ah! Kasawian (ang sasapit) sa Araw na ito sa mga nagtatakwil sa katotohanan (ng Araw ng Muling Pagkabuhay)!

وَيْلٌ يَوْمَئِذٍ لِّلْمُكَذِّبِينَ ﴿٤٥﴾

46. (O kayong hindi sumasampalataya)! Magsikain kayo at magpakaligaya sa inyong sarili sa ilang sandali (sa buhay sa mundong ito). Katotohanang kayo ay makasalanan (mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig, kriminal)!

كُلُوا۟ وَتَمَتَّعُوا۟ قَلِيلًا إِنَّكُم مُّجْرِمُونَ ﴿٤٦﴾

47. Ah! Kasawian (ang sasapit) sa Araw na ito sa mga nagtatakwil sa katotohanan (ng Araw ng Muling Pagkabuhay)!

وَيْلٌ يَوْمَئِذٍ لِّلْمُكَذِّبِينَ ﴿٤٧﴾

48. At kung sa kanila ay ipinagbabadya: "Magsiyuko kayo (sa pagdarasal [*Salah*])", (subalit) sila ay hindi yumuyuko (sa pag-aalay ng *Salah* [pagdarasal]).

وَإِذَا قِيلَ لَهُمُ ٱرْكَعُوا۟ لَا يَرْكَعُونَ ﴿٤٨﴾

49. Ah! Kasawian (ang sasapit) sa Araw na ito sa mga nagtatakwil sa katotohanan (ng Araw ng Muling Pagkabuhay)!

وَيْلٌ يَوْمَئِذٍ لِّلْمُكَذِّبِينَ ﴿٤٩﴾

50. Kung gayon, sa ano pa kayang pahayag pagkaraan nito (ang Qur'an) ang kanilang paniniwalaan?

فَبِأَىِّ حَدِيثٍۭ بَعْدَهُۥ يُؤْمِنُونَ ﴿٥٠﴾

Surah 78

Surat An-Naba
(Ang Malaking Balita)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

عَمَّ يَتَسَآءَلُونَ ﴿١﴾

1. Ano baga ang kanilang itinatanong (sa isa't isa)?

عَنِ ٱلنَّبَإِ ٱلْعَظِيمِ ﴿٢﴾

2. Tungkol sa Malaking Balita (alalaong baga, ang Paniniwala sa Kaisahan ni Allah, ang Qur'an na dinala ni Propeta Muhammad, at ang Araw ng Muling Pagkabuhay)?

ٱلَّذِى هُمْ فِيهِ مُخْتَلِفُونَ ﴿٣﴾

3. Na kung saan, sila ay hindi nagkakasundo.

كَلَّا سَيَعْلَمُونَ ﴿٤﴾

4. Hindi (ito tulad ng kanilang pag-aakala)! Tiyak na kanilang mapag-aalaman!

ثُمَّ كَلَّا سَيَعْلَمُونَ ﴿٥﴾

5. Muli, hindi (ito tulad ng kanilang pag-aakala)! Tiyak na kanilang mapag-aalaman!

أَلَمْ نَجْعَلِ ٱلْأَرْضَ مِهَٰدًا ﴿٦﴾

6. Hindi baga ginawa Namin ang kalupaan na malawak (bilang himlayan)?

وَٱلْجِبَالَ أَوْتَادًا ﴿٧﴾

7. At ang mga bundok bilang mga talasok (na pampatatag ng kalupaan)?

وَخَلَقْنَٰكُمْ أَزْوَٰجًا ﴿٨﴾

8. At Aming nilikha kayo sa pares (lalaki at babae, mataas at mababa, mabuti at masama).

وَجَعَلْنَا نَوْمَكُمْ سُبَاتًا ﴿٩﴾

9. At Aming ginawaran kayo ng pagtulog para sa inyong pamamahinga.

وَجَعَلْنَا ٱلَّيْلَ لِبَاسًا ﴿١٠﴾

10. At ginawa Namin ang gabi bilang pantakip (sa pamamagitan ng kanyang kadiliman).

وَجَعَلْنَا ٱلنَّهَارَ مَعَاشًا ﴿١١﴾

11. At ginawa Namin ang araw (maghapon) tungo sa inyong ikabubuhay.

وَبَنَيْنَا فَوْقَكُمْ سَبْعًا شِدَادًا ﴿١٢﴾

12. At itinatag Namin sa itaas ninyo ang pitong matatatag (na kalangitan),

وَجَعَلْنَا سِرَاجًا وَهَّاجًا ﴿١٣﴾

13. At ginawaran Namin yaon ng Marilag na Liwanag (ang araw).

وَأَنزَلْنَا مِنَ ٱلْمُعْصِرَٰتِ مَآءً ثَجَّاجًا ﴿١٤﴾

14. At nagpamalisbis Kami ng saganang ulan mula sa kimpal ng mga ulap.

لِّنُخْرِجَ بِهِۦ حَبًّا وَنَبَاتًا ﴿١٥﴾

15. Upang mapatubo Namin dito ang mga butil at mga gulayan,

وَجَنَّٰتٍ أَلْفَافًا ﴿١٦﴾

16. At mga halamang mayabong at luntian.

إِنَّ يَوْمَ ٱلْفَصْلِ كَانَ مِيقَٰتًا ﴿١٧﴾

17. Katotohanan! Ang Araw ng Pagpapasya (sa katarungan) ay natatakdaang panahon,

يَوْمَ يُنفَخُ فِى ٱلصُّورِ فَتَأْتُونَ أَفْوَاجًا ﴿١٨﴾

18. Sa Araw na ang Tambuli ay hihipan at kayo ay magsisiparito ng langkay-langkay (at sa maraming pangkat);

وَفُتِحَتِ ٱلسَّمَآءُ فَكَانَتْ أَبْوَٰبًا ﴿١٩﴾

19. At ang kalangitan ay bubuksan na waring mga pintuan,

وَسُيِّرَتِ ٱلْجِبَالُ فَكَانَتْ سَرَابًا ﴿٢٠﴾

20. At ang kabundukan ay maglalaho sa kanilang kinatatayuan na tulad ng isang malikmata.

إِنَّ جَهَنَّمَ كَانَتْ مِرْصَادًا ﴿٢١﴾

21. Katotohanan! Ang Impiyerno ay isang pook ng pagtambang,

لِّلطَّٰغِينَ مَـَٔابًا ﴿٢٢﴾

22. Bilang isang Tahanan sa *Taghun* (sila na lumalabag sa hangganan na itinakda ni Allah, katulad ng mga mapagsamba sa diyus-diyosan, walang pananalig sa Kaisahan ni Allah, mga mapagkunwari, mga makasalanan, at mga kriminal).

لَّٰبِثِينَ فِيهَآ أَحْقَابًا ﴿٢٣﴾

23. Magsisipanatili sila rito sa mahabang panahon,

لَّا يَذُوقُونَ فِيهَا بَرْدًا وَلَا شَرَابًا ﴿٢٤﴾

24. Dito ay wala silang malalasap na lamig (at ginhawa), ni anumang inumin,

إِلَّا حَمِيمًا وَغَسَّاقًا ﴿٢٥﴾

25. Maliban sa kumukulong tubig at maruming katas ng sugat (nana, dugo, atbp.),

جَزَآءً وِفَاقًا ﴿٢٦﴾

26. Na siyang katumbas na kabayaran (ayon sa kanilang kabuktutan),

إِنَّهُمْ كَانُوا۟ لَا يَرْجُونَ حِسَابًا ﴿٢٧﴾

27. Sapagkat katotohanang sila ay hindi nagbigay-pahalaga (at nangamba) tungo sa (araw) ng pagsusulit (ng kanilang mga gawa).

وَكَذَّبُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا كِذَّابًا ﴿٢٨﴾

28. At ganap nilang itinuring na walang katotohanan ang Aming *Ayat* (kapahayagan, tanda, katibayan, aral).

وَكُلَّ شَىْءٍ أَحْصَيْنَٰهُ كِتَٰبًا ﴿٢٩﴾

29. At ang lahat ng bagay ay Aming itinala sa Aklat.

فَذُوقُوا۟ فَلَن نَّزِيدَكُمْ إِلَّا عَذَابًا ﴿٣٠﴾

30. Kaya't lasapin ninyo (ang bunga ng inyong masasamang gawa), at kayo ay hindi Namin bibigyan ng anuman maliban sa Kaparusahan.

إِنَّ لِلْمُتَّقِينَ مَفَازًا ﴿٣١﴾

31. Katotohanan! Sa *Muttaqun*[55] ang tagumpay sa Paraiso;

حَدَآئِقَ وَأَعْنَٰبًا ﴿٣٢﴾

32. Na napapalibutan ng Halamanan at malinamnam na ubasan;

وَكَوَاعِبَ أَتْرَابًا ﴿٣٣﴾

33. At mga birheng dalaga na magkakatulad sa gulang;

وَكَأْسًا دِهَاقًا ﴿٣٤﴾

34. At ng tigib na Kopita (ng alak).

لَّا يَسْمَعُونَ فِيهَا لَغْوًا وَلَا كِذَّٰبًا ﴿٣٥﴾

35. Dito ay wala silang maririnig na *Laghw* (bastos, walang katotohanan, masamang pag-uusap) o kasinungalingan.

جَزَآءً مِّن رَّبِّكَ عَطَآءً حِسَابًا ﴿٣٦﴾

36. Isang gantimpala mula sa inyong Panginoon, isang Biyayang sagana (ayon sa kahusayan ng kanilang mabubuting gawa),

رَّبِّ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ وَمَا بَيْنَهُمَا ٱلرَّحْمَٰنِ لَا يَمْلِكُونَ مِنْهُ خِطَابًا ﴿٣٧﴾

37. Mula sa Panginoon ng kalangitan at kalupaan at anumang nasa pagitan nito, ang Pinakamahabagin, walang sinuman (ang may kakayahan) na makipag-usap sa Kanya (sa Araw ng Muling Pagkabuhay malibang Kanyang pahintulutan.)

يَوْمَ يَقُومُ ٱلرُّوحُ وَٱلْمَلَٰٓئِكَةُ صَفًّا لَّا يَتَكَلَّمُونَ إِلَّا مَنْ أَذِنَ لَهُ ٱلرَّحْمَٰنُ وَقَالَ صَوَابًا ﴿٣٨﴾

38. Sa Araw na ang *Ruh* (si Gabriel o ibang Anghel) at iba pang anghel ay nakatindig na magkakahanay, walang sinumang makakapangusap malibang siya ay pahintulutan ng Pinakamahabagin (Allah), at kanyang ipagsasaysay kung ano ang matuwid.

ذَٰلِكَ ٱلْيَوْمُ ٱلْحَقُّ فَمَن شَآءَ ٱتَّخَذَ إِلَىٰ رَبِّهِۦ مَـَٔابًا ﴿٣٩﴾

39. Ito ang Araw ng Katotohanan (na walang alinlangan), kaya't sinuman ang magnais, hayaang tahakin niya ang Pagbabalik sa tuwid na landas ng kanyang Panginoon (sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya sa buhay sa mundong ito)!

إِنَّآ أَنذَرْنَٰكُمْ عَذَابًا قَرِيبًا يَوْمَ يَنظُرُ ٱلْمَرْءُ مَا قَدَّمَتْ يَدَاهُ وَيَقُولُ ٱلْكَافِرُ يَٰلَيْتَنِى كُنتُ تُرَٰبًا ﴿٤٠﴾

40. Katotohanang Aming binalaan kayo ng nalalapit na daratal na Kaparusahan. Sa Araw na ang tao ay makapagmamalas (sa gawa) ng kanyang mga kamay kung saan siya inihantong. At ang hindi sumasampalataya ay magsasabi: "Kasawian sa akin! Sana ay naging alabok na lamang ako!"

---

[55] *Muttaqûn*: mga mababuti at matutuwid na tao na labis na nangangamba kay Allah (umiiwas sa lahat ng uri ng mga kasalanan at masasamang gawa na Kanyang ipinagbawal) at labis na nagmamahal kay Allah (nagsasagawa ng lahat ng uri ng mabubuting gawa na Kanyang ipinag-utos).

Surah 79

Surat An-Nazi'at
(Ang Mga Bumabatak)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ako (Allah) ay nanunumpa sa (mga anghel) na bumabatak (sa kaluluwa ng mga walang pananampalataya at tampalasan) ng may matinding dahas;

وَٱلنَّٰزِعَٰتِ غَرْقًا ﴿١﴾

2. Ako (Allah) ay nanunumpa sa (mga anghel) na mabanayad na kumukuha (ng kaluluwa ng mga sumasampalataya);

وَٱلنَّٰشِطَٰتِ نَشْطًا ﴿٢﴾

3. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa mga lumalangoy (o lumilipad) sa kalangitan (mga anghel o mga planeta sa kanilang daan).

وَٱلسَّٰبِحَٰتِ سَبْحًا ﴿٣﴾

4. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa nagpapatuloy na nangunguna na katulad ng isang karera (alalaong baga, ang mga anghel, o mga bituin o mga kabayo).

فَٱلسَّٰبِقَٰتِ سَبْقًا ﴿٤﴾

5. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa mga anghel na nagsasaayos upang gawin ang Pag-uutos ng kanilang Panginoon, (kaya't katunayang kayo na mga hindi sumasampalataya ay tatawagin upang magsulit),

فَٱلْمُدَبِّرَٰتِ أَمْرًا ﴿٥﴾

6. Sa Araw na (kung ang unang Pag-ihip ng Tambuli ay gawin), ang kalupaan at kabundukan ay mayayanig nang marahas (at ang lahat ay mamamatay),

يَوْمَ تَرْجُفُ ٱلرَّاجِفَةُ ﴿٦﴾

7. Na susundan ng pangalawang Pag-ihip ng Tambuli (at ang lahat ay bubuhaying muli),

تَتْبَعُهَا ٱلرَّادِفَةُ ﴿٧﴾

8. Sa Araw na ito, ang (ibang) puso ay magsisitibok sa pangamba at hapis,

قُلُوبٌ يَوْمَئِذٍ وَاجِفَةٌ ﴿٨﴾

9. Na ang kanilang mga mata ay nakatuon sa lupa.

أَبْصَٰرُهَا خَٰشِعَةٌ ﴿٩﴾

يَقُولُونَ أَءِنَّا لَمَرْدُودُونَ فِي ٱلْحَافِرَةِ ﴿١٠﴾

10. Sila ay magsasabi: "Ano! Kami baga ay katotohanang ibabalik (na muli) sa aming dating anyo ng buhay?

أَءِذَا كُنَّا عِظَٰمًا نَّخِرَةً ﴿١١﴾

11. Kahit kami ay lansag-lansag na mga buto na?"

قَالُوا۟ تِلْكَ إِذًا كَرَّةٌ خَاسِرَةٌ ﴿١٢﴾

12. Sila ay magsasabi: "Ito, sa gayong pangyayari, ay isang pagbabalik na walang pakinabang (talunan)!"

فَإِنَّمَا هِىَ زَجْرَةٌ وَٰحِدَةٌ ﴿١٣﴾

13. Datapuwa't katotohanang ito ay isang Hiyaw lamang (alalaong baga, ang ikalawang Pag-ihip ng Tambuli),

فَإِذَا هُم بِٱلسَّاهِرَةِ ﴿١٤﴾

14. At pagmasdan! Natagpuan nila ang kanilang sarili sa ibabaw ng lupa na buhay matapos ang kanilang kamatayan.

هَلْ أَتَىٰكَ حَدِيثُ مُوسَىٰٓ ﴿١٥﴾

15. Nakarating na ba sa iyo ang kasaysayan ni Musa (Moises)?

إِذْ نَادَىٰهُ رَبُّهُۥ بِٱلْوَادِ ٱلْمُقَدَّسِ طُوًى ﴿١٦﴾

16. Nang siya ay tawagin ng kanyang Panginoon sa banal na Lambak ng Tuwa.

ٱذْهَبْ إِلَىٰ فِرْعَوْنَ إِنَّهُۥ طَغَىٰ ﴿١٧﴾

17. "Pumaroon ka kay Fir'aun (Paraon). Katotohanang siya ay nagmalabis sa paglabag sa lahat ng hangganan (sa mga kabuktutan, mga kasalanan, pagsamba sa mga diyus-diyosan at kawalan ng pananalig)."

فَقُلْ هَل لَّكَ إِلَىٰٓ أَن تَزَكَّىٰ ﴿١٨﴾

18. At iyong sabihin (sa kanya): "Nais mo bang dalisayin ang iyong sarili (sa kasalanan) ng kawalan ng pananalig, tungo sa pagiging isang mananampalataya?

وَأَهْدِيَكَ إِلَىٰ رَبِّكَ فَتَخْشَىٰ ﴿١٩﴾

19. At upang mapatnubayan kita sa iyong Panginoon, at ikaw ay magkaroon ng pagkatakot sa Kanya?"

فَأَرَىٰهُ ٱلْءَايَةَ ٱلْكُبْرَىٰ ﴿٢٠﴾

20. At ipinamalas ni Musa (Moises) sa kanya ang Dakilang Tanda (mga himala).

فَكَذَّبَ وَعَصَىٰ ﴿٢١﴾

21. Datapuwa't si Fir'aun (Paraon) ay nagtakwil dito at sumuway;

ثُمَّ أَدْبَرَ يَسْعَىٰ ﴿٢٢﴾

22. (At) pagkatapos, siya ay tumalikod na labis na tumututol (laban kay Allah).

فَحَشَرَ فَنَادَىٰ ﴿٢٣﴾

23. At kanyang tinipon ang kanyang mga tao (sundalo) at sumigaw nang malakas,

فَقَالَ أَنَا۠ رَبُّكُمُ ٱلْأَعْلَىٰ ﴿٢٤﴾

24. Na nagsasabi: "Ako ang inyong panginoon, ang kataas-taasan."

فَأَخَذَهُ ٱللَّهُ نَكَالَ ٱلْءَاخِرَةِ وَٱلْأُولَىٰٓ ﴿٢٥﴾

25. Datapuwa't sinakmal siya ni Allah ng

kaparusahan, dahil sa kanyang huli at unang ginawa na paglabag.[56]

إِنَّ فِي ذَٰلِكَ لَعِبْرَةً لِّمَن يَخْشَىٰ ﴿٢٦﴾

26. Katotohanang naririto ang isang nagtuturong paalala sa sinumang may pagkatakot kay Allah.

ءَأَنتُمْ أَشَدُّ خَلْقًا أَمِ ٱلسَّمَآءُ ۚ بَنَىٰهَا ﴿٢٧﴾

27. Ano? Kayo baga ay higit na mahirap likhain kaysa sa kalangitan na Kanyang itinatag?

رَفَعَ سَمْكَهَا فَسَوَّىٰهَا ﴿٢٨﴾

28. Sa kaitaasan ay Kanyang itinaas ang kulandong nito at Kanyang ginawaran yaon nang kaayusan at pagiging ganap.

وَأَغْطَشَ لَيْلَهَا وَأَخْرَجَ ضُحَىٰهَا ﴿٢٩﴾

29. At ang gabi nito ay nilukuban Niya ng kadiliman, at ang umaga nito bago tumanghali ay ginawaran Niya ng liwanag.

وَٱلْأَرْضَ بَعْدَ ذَٰلِكَ دَحَىٰهَآ ﴿٣٠﴾

30. At matapos ito, ay inilatag Niya ang kalupaan (nang malawak);

أَخْرَجَ مِنْهَا مَآءَهَا وَمَرْعَىٰهَا ﴿٣١﴾

31. At nagpalabas (nagpaagos) Siya mula rito ng kanyang tubig at kanyang pastulan (na luntiang halaman);

وَٱلْجِبَالَ أَرْسَىٰهَا ﴿٣٢﴾

32. At ang kabundukan ay itinindig Niya nang matatag;

مَتَٰعًا لَّكُمْ وَلِأَنْعَٰمِكُمْ ﴿٣٣﴾

33. Bilang kapakinabangan sa inyo at sa inyong bakahan (hayupan).

فَإِذَا جَآءَتِ ٱلطَّآمَّةُ ٱلْكُبْرَىٰ ﴿٣٤﴾

34. Datapuwa't kapag dumatal na ang dakilang kapinsalaan (alalaong baga, ang Araw ng Kabayaran),

يَوْمَ يَتَذَكَّرُ ٱلْإِنسَٰنُ مَا سَعَىٰ ﴿٣٥﴾

35. Sa Araw na ang tao ay makakaala-ala ng kanyang pinagsumikapan (pinagdaanang mga gawa),

وَبُرِّزَتِ ٱلْجَحِيمُ لِمَن يَرَىٰ ﴿٣٦﴾

36. At ang Apoy ng Impiyerno ay ganap na matatambad nang malapit sa (bawat) isa na nakamamasid.

فَأَمَّا مَن طَغَىٰ ﴿٣٧﴾

37. At sa kanya na nagmalabis sa paglabag sa lahat ng hangganan (sa kawalan ng pananalig, pang-aapi at mga kasalanan ng hindi pagsunod kay Allah),

وَءَاثَرَ ٱلْحَيَوٰةَ ٱلدُّنْيَا ﴿٣٨﴾

38. At minahalaga ang buhay sa mundong ito (sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang masasamang hangarin at mga pagnanasa),

---

[56] Ang huli, alalaong baga, ang kanyang pagsasabi ng: "Ako ang inyong panginoon, ang kataas-taasan." Ang una, alalaong baga, ang kanyang pagsasabi ng: "O mga pinuno! Wala akong alam na mayroon pa kayong isang diyos maliban sa akin."

فَإِنَّ ٱلْجَحِيمَ هِىَ ٱلْمَأْوَىٰ ﴿٣٩﴾

39. Katotohanan! Ang kanyang pananahanan ay Apoy ng Impiyerno;

وَأَمَّا مَنْ خَافَ مَقَامَ رَبِّهِۦ وَنَهَى ٱلنَّفْسَ عَنِ ٱلْهَوَىٰ ﴿٤٠﴾

40. Datapuwa't siya na may pagkatakot sa kanyang pagharap (sa pagsusulit) sa kanyang Panginoon, at nagtimpi ng kanyang sarili sa masasamang hangarin at pagnanasa.

فَإِنَّ ٱلْجَنَّةَ هِىَ ٱلْمَأْوَىٰ ﴿٤١﴾

41. Katotohanan! Ang kanilang pananahanan ay Paraiso.

يَسْـَٔلُونَكَ عَنِ ٱلسَّاعَةِ أَيَّانَ مُرْسَىٰهَا ﴿٤٢﴾

42. Sila ay nagtatanong sa iyo (O Muhammad) tungkol sa Huling Oras? Kailan kaya ang kanyang takdang panahon?

فِيمَ أَنتَ مِن ذِكْرَىٰهَآ ﴿٤٣﴾

43. Ikaw ay walang Kaalaman na magpahayag ng anuman tungkol dito.

إِلَىٰ رَبِّكَ مُنتَهَىٰهَآ ﴿٤٤﴾

44. Nasa iyong Panginoon lamang (ang Kaalaman) tungkol sa Huling Oras.

إِنَّمَآ أَنتَ مُنذِرُ مَن يَخْشَىٰهَا ﴿٤٥﴾

45. Katotohanan, ikaw (O Muhammad) ay isa lamang Tagapagbabala sa mga may pangangamba rito,

كَأَنَّهُمْ يَوْمَ يَرَوْنَهَا لَمْ يَلْبَثُوٓا۟ إِلَّا عَشِيَّةً أَوْ ضُحَىٰهَا ﴿٤٦﴾

46. Sa Araw na ito ay kanilang mapagmamalas, (wari) bang sila ay hindi nanatili sa mundong ito, maliban sa isang gabi o isang umaga lamang (alalaong baga, napakaigsing panahon).



Surah 80

Surat 'Abasa
(Ang Kumunot)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. (Ang Propeta) ay kumunot at tumalikod,

عَبَسَ وَتَوَلَّىٰٓ ﴿١﴾

2. Sapagkat may (isang) bulag na lalaki na lumapit sa kanya (alalaong baga, si Abdullah bin Umm-Maktum na pumaroon sa Propeta habang siya ay nangangaral sa isa o ilang pinuno ng Quraish).

أَن جَآءَهُ ٱلْأَعْمَىٰ ﴿٢﴾

3. At paano mo mapag-aalaman, baka sakaling siya ay maging dalisay (sa mga kasalanan at umunlad sa ispiritwal na pang-unawa)?

وَمَا يُدْرِيكَ لَعَلَّهُۥ يَزَّكَّىٰٓ ﴿٣﴾

4. O siya ay tumanggap ng pangaral at ang tagubilin ay maging kapakinabangan sa kanya?

أَوْ يَذَّكَّرُ فَتَنفَعَهُ ٱلذِّكْرَىٰٓ ﴿٤﴾

5. At siya na nag-aakala sa kanyang sarili na siya ay may sariling kasapatan (hindi nangangailangan ng pangaral),

أَمَّا مَنِ ٱسْتَغْنَىٰ ﴿٥﴾

6. Sa kanya, ikaw (O Muhammad) ay nag-uukol ng pansin;

فَأَنتَ لَهُۥ تَصَدَّىٰ ﴿٦﴾

7. Ito ay hindi mo pananagutan kung siya ay hindi maging dalisay (sa kawalan ng pananalig; ikaw ay isa lamang Sugo at ang iyong tungkulin ay iparating ang Mensahe ni Allah).

وَمَا عَلَيْكَ أَلَّا يَزَّكَّىٰ ﴿٧﴾

8. At sa kanya (Abdullah bin Umm-Maktum) na lumapit sa iyo na nagpupunyaging mapatnubayan,

وَأَمَّا مَن جَآءَكَ يَسْعَىٰ ﴿٨﴾

9. At may pagkatakot (kay Allah at sa Kanyang pagpaparusa).

وَهُوَ يَخْشَىٰ ﴿٩﴾

10. Ikaw sa kanya ay hindi nagbibigay-pahalaga (o nag-aasikaso).

فَأَنتَ عَنْهُ تَلَهَّىٰ ﴿١٠﴾

11. Hindi, (huwag mong gawin ito, O Muhammad), katotohanan, ito (ang Qur'an) ay mga pagpapaala-ala at tagubilin,

كَلَّآ إِنَّهَا تَذْكِرَةٌ ﴿١١﴾

12. Kaya't sinuman ang magnais, hayaan siyang mag-ukol ng pag-aala-ala rito.

فَمَن شَآءَ ذَكَرَهُۥ ﴿١٢﴾

13. (Ito ay nasa) mga Talaan (na iniingatan sa karangalan, ang *Al-Lawh Al-Mahfouz*),

فِى صُحُفٍ مُّكَرَّمَةٍ ﴿١٣﴾

14. Na mataas (sa karangalan), na nananatiling dalisay at banal,

مَّرْفُوعَةٍ مُّطَهَّرَةٍۭ ﴿١٤﴾

15. Sa kamay ng mga tagasulat (mga Anghel),

بِأَيْدِى سَفَرَةٍ ﴿١٥﴾

16. Na karangal-rangal at masunurin.

كِرَامٍۭ بَرَرَةٍ ﴿١٦﴾

17. Kasumpa-sumpa ang tao (na hindi nananampalataya kay Allah)! Siya ay napakawalang utang na loob!

قُتِلَ ٱلْإِنسَٰنُ مَآ أَكْفَرَهُۥ ﴿١٧﴾

18. Sa ano bang bagay siya ay nilikha Namin?

مِنْ أَىِّ شَىْءٍ خَلَقَهُۥ ﴿١٨﴾

19. Siya ay nilikha Namin mula sa *Nutfah* (mga patak ng semilya ng lalaki at babae), at Aming binigyan siya ng ganap na sukat;

مِن نُّطْفَةٍ خَلَقَهُۥ فَقَدَّرَهُۥ ﴿١٩﴾

20. (At) pagkatapos, Kanyang ginawa na maging magaan ang daan sa kanya;

ثُمَّ ٱلسَّبِيلَ يَسَّرَهُۥ ﴿٢٠﴾

21. At matapos, Kanyang kinitlan siya ng buhay at inilagay siya sa kanyang libingan;

ثُمَّ أَمَاتَهُۥ فَأَقْبَرَهُۥ ﴿٢١﴾

22. (At) pagkatapos, kung ito ay Kanyang Kalooban, siya ay Kanyang bubuhaying muli.

ثُمَّ إِذَا شَآءَ أَنشَرَهُۥ ﴿٢٢﴾

23. Hindi; datapuwa't (ang tao) ay hindi tumupad sa ipinag-uutos Niya sa kanya.

كَلَّا لَمَّا يَقْضِ مَآ أَمَرَهُۥ ﴿٢٣﴾

24. Kaya't hayaang ang tao ay magsaalang-alang ng kanyang pagkain,

فَلْيَنظُرِ ٱلْإِنسَٰنُ إِلَىٰ طَعَامِهِۦٓ ﴿٢٤﴾

25. Kung paano Namin ibinuhos ang saganang tubig,

أَنَّا صَبَبْنَا ٱلْمَآءَ صَبًّا ﴿٢٥﴾

26. At hinati Namin ang kalupaan,

ثُمَّ شَقَقْنَا ٱلْأَرْضَ شَقًّا ﴿٢٦﴾

27. At pinapangyari Namin na ang butil ay tumubo rito,

فَأَنۢبَتْنَا فِيهَا حَبًّا ﴿٢٧﴾

28. Gayundin ang ubas, at pagkaing halaman (sa mga bakahan),

وَعِنَبًا وَقَضْبًا ﴿٢٨﴾

29. At ang oliba at punong palmera (datiles),

وَزَيْتُونًا وَنَخْلًا ﴿٢٩﴾

30. At mga halamanan na makapal (at malago) sa maraming puno,

وَحَدَآئِقَ غُلْبًا ﴿٣٠﴾

31. At mga bungangkahoy at *abba* (herba, luntiang damo, atbp.),

وَفَٰكِهَةً وَأَبًّا ﴿٣١﴾

32. (Bilang) ikabubuhay at pagkain sa inyo at sa inyong bakahan,

مَّتَٰعًا لَّكُمْ وَلِأَنْعَٰمِكُمْ ﴿٣٢﴾

33. Magkagayon (man), kapag sumapit na ang *As-Sakhkhah* (ang pangalawang pag-ihip ng Tambuli sa Araw ng Muling Pagkabuhay),

فَإِذَا جَآءَتِ ٱلصَّآخَّةُ ﴿٣٣﴾

34. Sa Araw na ito, ang tao ay tatakas sa kanyang sariling kapatid,

يَوْمَ يَفِرُّ ٱلْمَرْءُ مِنْ أَخِيهِ ﴿٣٤﴾

35. At sa kanyang ina at sa kanyang ama,

وَأُمِّهِۦ وَأَبِيهِ ﴿٣٥﴾

36. At sa kanyang asawa at sa kanyang mga anak,

وَصَٰحِبَتِهِۦ وَبَنِيهِ ﴿٣٦﴾

37. Sa Araw na ito, ang bawat tao ay mababahala lamang sa kanyang sarili at hindi makakapagbigay ng pansin sa iba.

لِكُلِّ ٱمْرِئٍ مِّنْهُمْ يَوْمَئِذٍ شَأْنٌ يُغْنِيهِ ﴿٣٧﴾

38. Sa Araw na ito, ang ibang mukha ay magniningning (bilang tunay na mga sumasampalataya sa Kaisahan ni Allah).

وُجُوهٌ يَوْمَئِذٍ مُّسْفِرَةٌ ﴿٣٨﴾

39. Na humahalakhak at nagsasaya sa magandang balita (ng Paraiso),

ضَاحِكَةٌ مُّسْتَبْشِرَةٌ ﴿٣٩﴾

40. At Sa Araw na ito, ang ibang mukha ay may bahid ng alikabok,

وَوُجُوهٌ يَوْمَئِذٍ عَلَيْهَا غَبَرَةٌ ﴿٤٠﴾

41. Ang kadiliman ang lalambong sa kanila,

تَرْهَقُهَا قَتَرَةٌ ﴿٤١﴾

42. Sila nga ang *Kafarah* (mga nagtatakwil kay Allah at sa Kanyang Kaisahan at sa Kanyang Sugo na si Muhammad), ang *Fajarah* (mga mapaggawa ng katampalasanan).

أُوْلَٰٓئِكَ هُمُ ٱلْكَفَرَةُ ٱلْفَجَرَةُ ﴿٤٢﴾

Surah 81

Surat At-Takwir
(Ang Pagtiklop)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

إِذَا ٱلشَّمْسُ كُوِّرَتْ ﴿١﴾

1. Kapag ang araw ay tiklupin at mawalan ng liwanag (at itapon)[57],

وَإِذَا ٱلنُّجُومُ ٱنكَدَرَتْ ﴿٢﴾

2. At kapag ang mga bituin ay mangalaglag,

وَإِذَا ٱلْجِبَالُ سُيِّرَتْ ﴿٣﴾

3. At kapag ang mga bundok ay mangaglaho;

وَإِذَا ٱلْعِشَارُ عُطِّلَتْ ﴿٤﴾

4. At kapag ang mga buntis na kamelyo ay mapabayaan,

وَإِذَا ٱلْوُحُوشُ حُشِرَتْ ﴿٥﴾

5. At kapag ang mababangis na hayop ay titipunin nang sama-sama;

وَإِذَا ٱلْبِحَارُ سُجِّرَتْ ﴿٦﴾

6. At kapag ang karagatan ay matulad sa Naglalagablab na Apoy o umapaw;

وَإِذَا ٱلنُّفُوسُ زُوِّجَتْ ﴿٧﴾

7. At kapag ang mga kaluluwa ay muling ibalik sa kani-kanilang katawan;

وَإِذَا ٱلْمَوْءُۥدَةُ سُئِلَتْ ﴿٨﴾

8. At kapag ang sanggol na babae na inilibing ng buhay (na katulad nang ginagawa ng mga paganong Arabo) ay tanungin,

بِأَىِّ ذَنۢبٍ قُتِلَتْ ﴿٩﴾

9. Sa anong kasalanan siya ay pinatay?

وَإِذَا ٱلصُّحُفُ نُشِرَتْ ﴿١٠﴾

10. At kapag ang mga Talaan ng mga gawa (mabuti man at masama) ng bawat tao ay ilaladlad;

وَإِذَا ٱلسَّمَآءُ كُشِطَتْ ﴿١١﴾

11. At kapag ang kalangitan (sa kaitaasan) ay tanggalin at mawala sa kanyang kinalalagyan;

وَإِذَا ٱلْجَحِيمُ سُعِّرَتْ ﴿١٢﴾

12. At kapag ang Impiyerno ay pagningasin ng nag-aalimpuyong apoy.

وَإِذَا ٱلْجَنَّةُ أُزْلِفَتْ ﴿١٣﴾

13. At kapag ang Paraiso ay gawing malapit (sa mga nananampalataya),

---

[57] Isinalaysay ni Abu Hurairah, ang Propeta ﷺ ay nagsabi: "Ang araw at ang buwan ay titiklupin (o pagdudugtungin nang magkasama o tatanggalan ng kanilang liwanag) sa Araw ng Muling Pagkabuhay."

14. At ang bawat tao ay makababatid ng bagay na kanyang ginawa (masama man o mabuti).

عَلِمَتْ نَفْسٌ مَّآ أَحْضَرَتْ ﴿١٤﴾

15. Ako (Allah) ay nanunumpa sa mga bituin na naglalaho (alalaong baga, nawawala sa araw at lumilitaw sa gabi),

فَلَآ أُقْسِمُ بِٱلْخُنَّسِ ﴿١٥﴾

16. Na kumikilos nang mabilis at nagkukubli ng kanilang sarili.

ٱلْجَوَارِ ٱلْكُنَّسِ ﴿١٦﴾

17. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa gabi kung ito ay sumapit na;

وَٱلَّيْلِ إِذَا عَسْعَسَ ﴿١٧﴾

18. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa bukang-liwayway kung ito ay lumiliwanag;

وَٱلصُّبْحِ إِذَا تَنَفَّسَ ﴿١٨﴾

19. Katotohanan! Ito ang Salita (ang Qur'an) na dinala ng karangal-rangal na isinugong Anghel (Gabriel),

إِنَّهُۥ لَقَوْلُ رَسُولٍ كَرِيمٍ ﴿١٩﴾

20. Na ginawaran ng kapangyarihan, at may mataas na antas (karangalan) kay Allah,

ذِى قُوَّةٍ عِندَ ذِى ٱلْعَرْشِ مَكِينٍ ﴿٢٠﴾

21. Na sinusunod (ng mga anghel), at pinagkakatiwalaan (sa paghahatid ng Mensahe mula kay Allah).

مُّطَاعٍ ثَمَّ أَمِينٍ ﴿٢١﴾

22. O mga tao! Ang inyong Kasama (Muhammad) ay hindi isang baliw;

وَمَا صَاحِبُكُم بِمَجْنُونٍ ﴿٢٢﴾

23. At katotohanang kanyang (Muhammad) napagmalas siya (Gabriel) nang maliwanag sa hangganan ng sangkalupaan at kalangitan (alapaap).

وَلَقَدْ رَءَاهُ بِٱلْأُفُقِ ٱلْمُبِينِ ﴿٢٣﴾

24. At siya (Muhammad) ay hindi nagtatago ng anumang Mensahe na ibinigay sa kanya.

وَمَا هُوَ عَلَى ٱلْغَيْبِ بِضَنِينٍ ﴿٢٤﴾

25. At ito (ang Qur'an) ay hindi salita ng isinumpang si Satanas.

وَمَا هُوَ بِقَوْلِ شَيْطَٰنٍ رَّجِيمٍ ﴿٢٥﴾

26. Kung gayon, saan kayo patutungo?

فَأَيْنَ تَذْهَبُونَ ﴿٢٦﴾

27. Katotohanan! Ito (ang Qur'an) ay isang Paala-ala (Patnubay) lamang sa lahat ng mga nilalang.

إِنْ هُوَ إِلَّا ذِكْرٌ لِّلْعَٰلَمِينَ ﴿٢٧﴾

28. Sa sinuman sa inyo na nagnanais na tumahak nang matuwid,

لِمَن شَآءَ مِنكُمْ أَن يَسْتَقِيمَ ﴿٢٨﴾

29. At wala kayong magagawa maliban na lamang kung ito ay loobin ni Allah, ang Panginoon ng lahat ng mga nilalang.

وَمَا تَشَآءُونَ إِلَّآ أَن يَشَآءَ ٱللَّهُ رَبُّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٢٩﴾

Surah 82

Surat Al-Infitar
(Ang Pagkalansag)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

إِذَا ٱلسَّمَآءُ ٱنفَطَرَتْ ﴿١﴾

1. Kapag ang kalangitan ay magbitak sa pagkalansag;

وَإِذَا ٱلْكَوَاكِبُ ٱنتَثَرَتْ ﴿٢﴾

2. At kapag ang mga bituin ay mangalaglag at magsipangalat;

وَإِذَا ٱلْبِحَارُ فُجِّرَتْ ﴿٣﴾

3. At kapag ang karagatan ay sumambulat at magkahalu-halo;

وَإِذَا ٱلْقُبُورُ بُعْثِرَتْ ﴿٤﴾

4. At kapag ang mga libingan ay bumaligtad (upang iluwa ang kanilang laman);

عَلِمَتْ نَفْسٌ مَّا قَدَّمَتْ وَأَخَّرَتْ ﴿٥﴾

5. (Sa gayon), mapag-aalaman ng bawat tao (kaluluwa) kung ano ang kanyang natupad (na mabuti) at (kung ano) ang kanyang iniwan (na masama).

يَٰٓأَيُّهَا ٱلْإِنسَٰنُ مَا غَرَّكَ بِرَبِّكَ ٱلْكَرِيمِ ﴿٦﴾

6. O Tao! Ano ang nagtulak sa iyo upang sumuway sa iyong Panginoon, ang Mapagkaloob ng Biyaya?

ٱلَّذِى خَلَقَكَ فَسَوَّىٰكَ فَعَدَلَكَ ﴿٧﴾

7. Na lumikha sa iyo, at humubog sa iyo nang ganap, at nagbigay sa iyo ng angkop na sukat;

فِىٓ أَىِّ صُورَةٍ مَّا شَآءَ رَكَّبَكَ ﴿٨﴾

8. Sa anumang anyo na Kanyang naibigan, ikaw ay Kanyang nilikha (hinubog).

كَلَّا بَلْ تُكَذِّبُونَ بِٱلدِّينِ ﴿٩﴾

9. Hindi (ito tulad ng iyong pag-aakala)! Datapuwa't itinatwa ninyo ang Araw ng Kabayaran (gantimpala sa mabubuting gawa at kaparusahan sa masasamang gawa).

وَإِنَّ عَلَيْكُمْ لَحَٰفِظِينَ ﴿١٠﴾

10. At katotohanan na may nagbabantay na mga anghel sa inyo (upang magsulit),

كِرَامًا كَٰتِبِينَ ﴿١١﴾

11. Mararangal (na mga anghel) na nagtatala (ng inyong mga gawa),

يَعْلَمُونَ مَا تَفْعَلُونَ ﴿١٢﴾

12. Batid nila ang (lahat) ng inyong ginagawa.

إِنَّ ٱلْأَبْرَارَ لَفِى نَعِيمٍ ﴿١٣﴾

13. Katotohanan, sa mga matutuwid na nananampalataya, sasakanila ang Kaligayahan

(sa Paraiso);

14. At katotohanan, ang mga makasalanan ay parurusahan sa Naglalagablab na Apoy (ng Impiyerno),

وَإِنَّ ٱلْفُجَّارَ لَفِى جَحِيمٍ ﴿١٤﴾

15. Sila ay magsisipasok dito (sa Impiyerno) sa Araw ng Kabayaran,

يَصْلَوْنَهَا يَوْمَ ٱلدِّينِ ﴿١٥﴾

16. At sila (na makasalanan) ay hindi makakawala rito (alalaong baga, hindi sila makakatakas sa Impiyerno),

وَمَا هُمْ عَنْهَا بِغَآئِبِينَ ﴿١٦﴾

17. At paano mo mapag-aalaman kung ano ang Araw ng Kabayaran?

وَمَآ أَدْرَىٰكَ مَا يَوْمُ ٱلدِّينِ ﴿١٧﴾

18. At muli, paano mo mapag-aalaman kung ano ang Araw ng Kabayaran?

ثُمَّ مَآ أَدْرَىٰكَ مَا يَوْمُ ٱلدِّينِ ﴿١٨﴾

19. (Ito ang) Araw na walang kakayahan ang sinumang tao na makagawa ng anumang tulong sa ibang tao (kaluluwa). At (sa Araw na ito), tanging kay Allah lamang ang Lubos na Pag-uutos at Pasya.

يَوْمَ لَا تَمْلِكُ نَفْسٌ لِّنَفْسٍ شَيْـًٔا ۖ وَٱلْأَمْرُ يَوْمَئِذٍ لِّلَّهِ ﴿١٩﴾

Surah 83

Surat Al-Mutaffifin
(Ang Mga Mandaraya)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

وَيْلٌ لِّلْمُطَفِّفِينَ ﴿١﴾

1. Kasawian sa mga mandaraya na nagbibigay ng kulang sa sukat at timbang,

ٱلَّذِينَ إِذَا ٱكْتَالُوا۟ عَلَى ٱلنَّاسِ يَسْتَوْفُونَ ﴿٢﴾

2. Na kung sila ay tatanggap (o bibili) sa mga tao ay kumukuha ng ganap na sukat o timbang,

وَإِذَا كَالُوهُمْ أَو وَّزَنُوهُمْ يُخْسِرُونَ ﴿٣﴾

3. Datapuwa't kung sila ang magbibigay (o magbibili) sa mga tao ng may sukat o timbang ay nagbibigay ng kulang.

أَلَا يَظُنُّ أُو۟لَٰٓئِكَ أَنَّهُم مَّبْعُوثُونَ ﴿٤﴾

4. Hindi baga nila napag-aakala na sila ay bubuhaying muli upang tawagin sa Pagsusulit?

لِيَوْمٍ عَظِيمٍ ﴿٥﴾

5. Sa Araw na Katakut-takot at Matindi,

يَوْمَ يَقُومُ ٱلنَّاسُ لِرَبِّ ٱلْعَٰلَمِينَ ﴿٦﴾

6. Sa Araw na yaon, ang sangkatauhan ay magsisitindig sa harapan ng Panginoon ng lahat ng mga nilalang,

كَلَّآ إِنَّ كِتَٰبَ ٱلْفُجَّارِ لَفِى سِجِّينٍ ﴿٧﴾

7. Hindi (ito tulad ng kanilang pag-aakala)! Katotohanan, ang Talaan ng mga makasalanan ay nakatago sa *Sijjin.* (alalaong baga, ang kanilang kahihinatnan at magiging hantungan ay ang piitan ng Impiyerno) [Tafsir Ibn Kathir, Vol.10/402]

وَمَآ أَدْرَىٰكَ مَا سِجِّينٌ ﴿٨﴾

8. At ano ang pagkakaalam mo sa *Sijjin*?[58]

كِتَٰبٌ مَّرْقُومٌ ﴿٩﴾

9. Ito ay isang nalilimbag na Talaan (na hindi kailanman maaaring baguhin ang nakatala rito).[59]

وَيْلٌ يَوْمَئِذٍ لِّلْمُكَذِّبِينَ ﴿١٠﴾

10. Kasawian sa Araw na yaon sa mga nagtatatwa.

---

[58] Ang salitang *Sijjin* ay hinango sa katagang *Sijn* sa wikang Arabik, na ang kahulugan ay kulungan o piitan at mahigpit na kalagayan. [Ibn Kathir, Vol. 10/401]

[59] Ayon kay Ibn Kathir, ang talatang ito ay hindi kasagutan o paliwanag sa kanyang unang tinuran sa talata bilang 8, bagkus, ito ay pagpapaliwanag lamang sa kanilang nakatakdang hantungan, ang *Sijjin*) [Tafsir Ibn Kathir, Vol. 10/402-403].

11. Sila na mga nagtatatwa sa Araw ng Kabayaran.

ٱلَّذِينَ يُكَذِّبُونَ بِيَوْمِ ٱلدِّينِ ﴿١١﴾

12. At walang (sinuman) ang magtatatwa nito maliban sa mga mapang-api na makasalanan!

وَمَا يُكَذِّبُ بِهِۦٓ إِلَّا كُلُّ مُعْتَدٍ أَثِيمٍ ﴿١٢﴾

13. Na kung ipinahahayag (binabasa) sa kanya ang Aming mga Talata (sa Qur'an), siya ay nagsasabi: "(Ito ay) mga kathang-isip lamang ng mga nangaunang tao!"

إِذَا تُتْلَىٰ عَلَيْهِ ءَايَٰتُنَا قَالَ أَسَٰطِيرُ ٱلْأَوَّلِينَ ﴿١٣﴾

14. Hindi (ito tulad ng kanilang pag-aakala)! Ang kanilang puso ay nalalambungan (nababahiran) ng mantsa (batik) dahil sa kanilang kasalanan (kaya sila ay hindi napatnubayan).

كَلَّا بَلْ ۜ رَانَ عَلَىٰ قُلُوبِهِم مَّا كَانُوا۟ يَكْسِبُونَ ﴿١٤﴾

15. Hindi (ito tulad ng kanilang pag-aakala)! Sa Araw ng Paghuhukom ay ipagkakait (hindi ipamamalas) sa kanila ang kanilang Panginoon.

كَلَّآ إِنَّهُمْ عَن رَّبِّهِمْ يَوْمَئِذٍ لَّمَحْجُوبُونَ ﴿١٥﴾

16. Pagkaraan, sila ay ipapasok (parurusahan) sa naglalagablab na Apoy ng Impiyerno.

ثُمَّ إِنَّهُمْ لَصَالُوا۟ ٱلْجَحِيمِ ﴿١٦﴾

17. (At) pagkatapos, sa kanila ay ipagbabadya: "Ito ang inyong itinatatwa (noon)!

ثُمَّ يُقَالُ هَٰذَا ٱلَّذِى كُنتُم بِهِۦ تُكَذِّبُونَ ﴿١٧﴾

18. Hindi (ito tulad ng kanilang pag-aakala)! Ang Talaan ng mga matutuwid (na nananampalataya) ay nakatago sa *Illiyyun*.

كَلَّآ إِنَّ كِتَٰبَ ٱلْأَبْرَارِ لَفِى عِلِّيِّينَ ﴿١٨﴾

19. Ano ang pagkakaalam mo sa *Illiyyun*?

وَمَآ أَدْرَىٰكَ مَا عِلِّيُّونَ ﴿١٩﴾

20. Ito ay isang nalilimbag na Talaan (nasa isang mataas na lugar sa langit),

كِتَٰبٌ مَّرْقُومٌ ﴿٢٠﴾

21. Na sinasaksihan ng mga (anghel) na malalapit (kay Allah).

يَشْهَدُهُ ٱلْمُقَرَّبُونَ ﴿٢١﴾

22. Katotohanan, ang mga matutuwid (na nananampalataya kay Allah) ay mapapasa-Kaligayahan (sa Paraiso).

إِنَّ ٱلْأَبْرَارَ لَفِى نَعِيمٍ ﴿٢٢﴾

23. Sa mga napapalamutihang luklukan; sila ay nakamamalas sa mga gantimpala na ipinagkaloob ni Allah sa kanila.

عَلَى ٱلْأَرَآئِكِ يَنظُرُونَ ﴿٢٣﴾

24. At mababanaag mo sa kanilang mukha ang kislap ng Kaligayahan.

تَعْرِفُ فِى وُجُوهِهِمْ نَضْرَةَ ٱلنَّعِيمِ ﴿٢٤﴾

25. Dito sila ay paiinumin ng purong alak na natatakpan pa ang sisidlan.

يُسْقَوْنَ مِن رَّحِيقٍ مَّخْتُومٍ ﴿٢٥﴾

26. At ang huling tungga (patak) nito ay katulad ng halimuyak ng musko. At sa gayon,

خِتَٰمُهُۥ مِسْكٌ ۚ وَفِى ذَٰلِكَ فَلْيَتَنَافَسِ

hayaang magpaligsahan ang sinuman na naghahangad na makamtan ang kaligayahan (sa Paraiso);

ٱلْمُتَنَـٰفِسُونَ ﴿٢٦﴾

27. At ang halo nito (ang alak) ay mula sa (tubig) ng *Tasnim.*

وَمِزَاجُهُۥ مِن تَسْنِيمٍ ﴿٢٧﴾

28. Isang batis, na (rito) ay nagsisiinom ang malalapit (na nananampalataya) kay Allah.

عَيْنًا يَشْرَبُ بِهَا ٱلْمُقَرَّبُونَ ﴿٢٨﴾

29. Katotohanan! Ang mapaggawa ng katampalasanan ay lagi nang humahalakhak sa mga nananampalataya (alalaong baga, ginagawang katatawanan).

إِنَّ ٱلَّذِينَ أَجْرَمُوا۟ كَانُوا۟ مِنَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ يَضْحَكُونَ ﴿٢٩﴾

30. At kung sila (na nananampalataya) ay nagdaraan sa kanila, (sila na hindi sumasampalataya) ay nagkikindatan sa isa't isa (bilang panunuya);

وَإِذَا مَرُّوا۟ بِهِمْ يَتَغَامَزُونَ ﴿٣٠﴾

31. At kung sila ay nakabalik na sa kanilang pamayanan (pamilya), sila ay nagbalik ng may paghahalakhakan;

وَإِذَا ٱنقَلَبُوٓا۟ إِلَىٰٓ أَهْلِهِمُ ٱنقَلَبُوا۟ فَكِهِينَ ﴿٣١﴾

32. At kung kanilang nakikita sila; sila (na mga hindi sumasampalataya) ay nagsasabi: "Tunay nga! Sila ang mga tao na napaligaw!"

وَإِذَا رَأَوْهُمْ قَالُوٓا۟ إِنَّ هَـٰٓؤُلَآءِ لَضَآلُّونَ ﴿٣٢﴾

33. At sila (na mga hindi sumasampalataya) ay hindi itinalaga bilang tagapagbantay sa kanila (na mga sumasampalataya).

وَمَآ أُرْسِلُوا۟ عَلَيْهِمْ حَـٰفِظِينَ ﴿٣٣﴾

34. Ngunit sa Araw na ito (ang Araw ng Kabayaran), ang mga sumasampalataya ay hahalakhak sa mga hindi sumasampalataya.

فَٱلْيَوْمَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ مِنَ ٱلْكُفَّارِ يَضْحَكُونَ ﴿٣٤﴾

35. Sa mga napapalamutihang luklukan ay napagmamalas nila (ang pagpaparusa sa mga hindi sumasampalataya).

عَلَى ٱلْأَرَآئِكِ يَنظُرُونَ ﴿٣٥﴾

36. O, ano? (Hindi baga) ginantihan (na nang ganap) ang mga hindi sumasampalataya dahil sa kanilang ginawang katampalasan (noong sila ay nabubuhay pa sa mundo)?

هَلْ ثُوِّبَ ٱلْكُفَّارُ مَا كَانُوا۟ يَفْعَلُونَ ﴿٣٦﴾

Surah 84

Surat Al-Inshiqaq
(Ang Lansag-lansag na Pagkahati)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

إِذَا ٱلسَّمَآءُ ٱنشَقَّتْ ﴿١﴾

1. Kapag ang langit (alapaap) ay lansag-lansag na mabiyak,

وَأَذِنَتْ لِرَبِّهَا وَحُقَّتْ ﴿٢﴾

2. At sumunod sa (pag-uutos ng) kanyang Panginoon, at marapat na gumawa (nito);

وَإِذَا ٱلْأَرْضُ مُدَّتْ ﴿٣﴾

3. At kapag ang kalupaan ay unatin (patagin),

وَأَلْقَتْ مَا فِيهَا وَتَخَلَّتْ ﴿٤﴾

4. At iluwa niyang lahat ang kanyang laman at maging hungkag,

وَأَذِنَتْ لِرَبِّهَا وَحُقَّتْ ﴿٥﴾

5. At sumunod sa (pag-uutos ng) kanyang Panginoon, at marapat na gumawa (nito);

يَٰٓأَيُّهَا ٱلْإِنسَٰنُ إِنَّكَ كَادِحٌ إِلَىٰ رَبِّكَ كَدْحًا فَمُلَٰقِيهِ ﴿٦﴾

6. O tao! Katotohanang ikaw ay lagi nang nagsisikhay tungo sa iyong Panginoon at iyong makakatipan Siya (upang ikaw ay mabayaran Niya nang ganap).

فَأَمَّا مَنْ أُوتِىَ كِتَٰبَهُۥ بِيَمِينِهِۦ ﴿٧﴾

7. At sinuman ang bibigyan ng kanyang Talaan sa kanyang kanang kamay.

فَسَوْفَ يُحَاسَبُ حِسَابًا يَسِيرًا ﴿٨﴾

8. Katiyakan na tatanggap siya ng magaan na pagsusulit,

وَيَنقَلِبُ إِلَىٰٓ أَهْلِهِۦ مَسْرُورًا ﴿٩﴾

9. At siya ay magbabalik sa kanyang pamayanan (pamilya) na lubhang nagagalak!

وَأَمَّا مَنْ أُوتِىَ كِتَٰبَهُۥ وَرَآءَ ظَهْرِهِۦ ﴿١٠﴾

10. Datapuwa't siya na bibigyan ng kanyang Talaan sa kanyang likuran,

فَسَوْفَ يَدْعُوا۟ ثُبُورًا ﴿١١﴾

11. Walang pagsala! Siya ay tatangis nang malakas (tungo sa kanyang) pagkawasak,

وَيَصْلَىٰ سَعِيرًا ﴿١٢﴾

12. At siya ay papasok sa Nag-aalimpuyong Apoy (upang lasapin ang lagablab nito).

إِنَّهُۥ كَانَ فِىٓ أَهْلِهِۦ مَسْرُورًا ﴿١٣﴾

13. Katotohanan! Siya (noon) ay namuhay sa kanyang pamayanan (pamilya) na lubhang nagagalak (at walang pangamba)!

إِنَّهُۥ ظَنَّ أَن لَّن يَحُورَ ﴿١٤﴾

14. Katotohanang kanyang inakala na siya ay hindi kailanman magbabalik (sa Amin)!

بَلَىٰٓ إِنَّ رَبَّهُۥ كَانَ بِهِۦ بَصِيرًا ﴿١٥﴾

15. Datapuwa't ang kanyang Panginoon ay lagi nang nagmamasid sa kanya!

فَلَآ أُقۡسِمُ بِٱلشَّفَقِ ﴿١٦﴾

16. Ako (Allah) ay nanunumpa sa mapanglaw (na kulay) ng takipsilim.

وَٱلَّيۡلِ وَمَا وَسَقَ ﴿١٧﴾

17. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa gabi at sa anuman na kanyang nilalambungan;

وَٱلۡقَمَرِ إِذَا ٱتَّسَقَ ﴿١٨﴾

18. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa buwan sa kanyang kabilugan,

لَتَرۡكَبُنَّ طَبَقًا عَن طَبَقٍ ﴿١٩﴾

19. Katiyakang kayo ay daraan sa maraming antas (sa inyong pagkalikha sa mundong ito hanggang sa Kabilang Buhay).

فَمَا لَهُمۡ لَا يُؤۡمِنُونَ ﴿٢٠﴾

20. Bakit (kaya) sila ay hindi pa sumasampalataya?

وَإِذَا قُرِئَ عَلَيۡهِمُ ٱلۡقُرۡءَانُ لَا يَسۡجُدُونَ ۩ ﴿٢١﴾

21. At kung ang Qur'an ay ipinahahayag (binabasa) sa kanila, sila ay hindi nagpapatirapa (sa kapakumbabaan).

بَلِ ٱلَّذِينَ كَفَرُواْ يُكَذِّبُونَ ﴿٢٢﴾

22. Bagkus, ang mga hindi sumasampalataya ay (lagi nang) nagtatatwa (sa Qur'an).

وَٱللَّهُ أَعۡلَمُ بِمَا يُوعُونَ ﴿٢٣﴾

23. At si Allah ang higit na nakababatid sa lahat ng kanilang ikinukubli (sa kanilang puso, mabuti man o masama).

فَبَشِّرۡهُم بِعَذَابٍ أَلِيمٍ ﴿٢٤﴾

24. Kaya't ipahayag sa kanila ang Kasakit-sakit na Kaparusahan (na inihanda para sa kanila).

إِلَّا ٱلَّذِينَ ءَامَنُواْ وَعَمِلُواْ ٱلصَّٰلِحَٰتِ لَهُمۡ أَجۡرٌ غَيۡرُ مَمۡنُونٍ ﴿٢٥﴾

25. Datapuwa't ang mga sumasampalataya at gumagawa ng kabutihan, (katotohanang) sasakanila ang Gantimpala na hindi magmamaliw (walang katapusan sa Paraiso).

Surah 85

Surat Al-Buruj
(Ang Malalaking Pangkat Ng Mga Bituin)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

وَٱلسَّمَآءِ ذَاتِ ٱلْبُرُوجِ ﴿١﴾

1. Ako (Allah) ay nanunumpa sa kalangitan na kinaroroonan ng mga malalaking bituin,

وَٱلْيَوْمِ ٱلْمَوْعُودِ ﴿٢﴾

2. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa ipinangakong Takdang Araw (ang Araw ng Paghuhukom);

وَشَاهِدٍ وَمَشْهُودٍ ﴿٣﴾

3. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa (isang bagay) na sumasaksi, at sa (isang bagay) na sinaksihan;

قُتِلَ أَصْحَٰبُ ٱلْأُخْدُودِ ﴿٤﴾

4. Isinumpa ang mga gumawa ng bambang (kanal ng apoy),

ٱلنَّارِ ذَاتِ ٱلْوَقُودِ ﴿٥﴾

5. Na sinisindihan ng apoy na may (maraming) panggatong,

إِذْ هُمْ عَلَيْهَا قُعُودٌ ﴿٦﴾

6. Habang sila ay nagsisiupo sa (paligid) nito,

وَهُمْ عَلَىٰ مَا يَفْعَلُونَ بِٱلْمُؤْمِنِينَ شُهُودٌ ﴿٧﴾

7. At kanilang nasaksihan (namasdan) ang kanilang ginagawa laban sa mga sumasampalataya (alalaong baga, ang kanilang ginawang pagsunog sa mga sumasampalataya).

وَمَا نَقَمُوا۟ مِنْهُمْ إِلَّآ أَن يُؤْمِنُوا۟ بِٱللَّهِ ٱلْعَزِيزِ ٱلْحَمِيدِ ﴿٨﴾

8. At sila ay walang kasalanan maliban na sila ay nananampalataya kay Allah, ang Sukdol sa Kapangyarihan at karapat-dapat na purihin.

ٱلَّذِى لَهُۥ مُلْكُ ٱلسَّمَٰوَٰتِ وَٱلْأَرْضِ ۚ وَٱللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَىْءٍ شَهِيدٌ ﴿٩﴾

9. Ang nag-aangkin ng Ganap na Kapamahalaan at Paghahari sa kalangitan at kalupaan! At si Allah ang Saksi sa lahat ng bagay.

إِنَّ ٱلَّذِينَ فَتَنُوا۟ ٱلْمُؤْمِنِينَ وَٱلْمُؤْمِنَٰتِ ثُمَّ لَمْ يَتُوبُوا۟ فَلَهُمْ عَذَابُ جَهَنَّمَ وَلَهُمْ عَذَابُ ٱلْحَرِيقِ ﴿١٠﴾

10. Katotohanan! Sila na nagpaparusa sa mga sumasampalataya, lalaki man at babae (sa pamamagitan ng pagpapahirap at pagsunog sa kanila) at hindi nagbalik-loob (nagtika sa pagsisisi) kay Allah, katotohanang sasakanila ang lupit ng Impiyerno at makakamtan nila ang kaparusahan ng Naglalagablab na Apoy.

إِنَّ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ لَهُمْ جَنَّٰتٌ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ ۚ ذَٰلِكَ ٱلْفَوْزُ ٱلْكَبِيرُ ﴿١١﴾

11. Katotohanan! Sa mga sumasampalataya at nagsisigawa ng kabutihan, sasakanila ang Paraiso na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy. Ito ang Dakilang Tagumpay.

إِنَّ بَطْشَ رَبِّكَ لَشَدِيدٌ ﴿١٢﴾

12. Katotohanan! Ang Sakmal (Kaparusahan) ng iyong Panginoon ay matindi.

إِنَّهُۥ هُوَ يُبْدِئُ وَيُعِيدُ ﴿١٣﴾

13. Katotohanan! Siya ang Lumikha (sa mga nilikha) sa pinakasimula, at (Siya) ang muling magpapanumbalik (sa kanila sa pagkabuhay sa Araw ng Muling Pagbangon).

وَهُوَ ٱلْغَفُورُ ٱلْوَدُودُ ﴿١٤﴾

14. At Siya ay Lagi nang Nagpapatawad, ang Tigib ng Pagmamahal,

ذُو ٱلْعَرْشِ ٱلْمَجِيدُ ﴿١٥﴾

15. Ang (Panginoon) na nag-aangkin ng *Arsh* (mas mataas pa sa Trono), ang (Puspos ng) Kaluwalhatian,

فَعَّالٌ لِّمَا يُرِيدُ ﴿١٦﴾

16. Na gumagawa ng lahat ng Kanyang maibigan.

هَلْ أَتَىٰكَ حَدِيثُ ٱلْجُنُودِ ﴿١٧﴾

17. Nakarating na ba sa iyo (O Muhammad) ang kasaysayan ng mga Hukbo (kung paano sila pinarusahan ni Allah)?

فِرْعَوْنَ وَثَمُودَ ﴿١٨﴾

18. (Ang mga tauhan) ni Paraon at tribu ni Thamud?

بَلِ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ فِى تَكْذِيبٍ ﴿١٩﴾

19. Datapuwa't ang mga hindi sumasampalataya ay nanatili sa pagtatakwil (kay Propeta Muhammad).

وَٱللَّهُ مِن وَرَآئِهِم مُّحِيطٌۢ ﴿٢٠﴾

20. At si Allah ay nakalukob (nakakasakop) sa kanila kahit na saan mang lugar at alin mang panahon.

بَلْ هُوَ قُرْءَانٌ مَّجِيدٌ ﴿٢١﴾

21. Datapuwa't (walang pagsala)! (Ang Aklat na ipinahayag kay Muhammad): Ito ay Maluwalhating Qur'an!

فِى لَوْحٍ مَّحْفُوظٍۭ ﴿٢٢﴾

22. Na nakatitik (nakalimbag) sa *Al Lawh Al Mahfuz* (Napapangalagaang Tableta [Kalatas])!

Surah 86

Surat At-Tariq
(Ang Panggabing Panauhin)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

وَٱلسَّمَآءِ وَٱلطَّارِقِ ﴿١﴾

1. Ako (Allah) ay nanunumpa sa langit at *At-Tariq* (ang dumarating na panauhin sa gabi, alalaong baga, ang maningning na bituin);

وَمَآ أَدْرَىٰكَ مَا ٱلطَّارِقُ ﴿٢﴾

2. Ano ang pagkakaalam mo sa *At-Tariq* (ang panggabing panauhin)?

ٱلنَّجْمُ ٱلثَّاقِبُ ﴿٣﴾

3. Ito ay isang Bituin (na may naglalagos) na liwanag;

إِن كُلُّ نَفْسٍ لَّمَّا عَلَيْهَا حَافِظٌ ﴿٤﴾

4. Walang sinumang tao (kaluluwa) ang hindi may tagapangalaga sa kanya (na nagtatala ng kanyang mabuti at masamang gawa).

فَلْيَنظُرِ ٱلْإِنسَٰنُ مِمَّ خُلِقَ ﴿٥﴾

5. Marapat na ang tao ang makatunghay kung ano ang pinagmulan ng kanyang pagkalikha!

خُلِقَ مِن مَّآءٍ دَافِقٍ ﴿٦﴾

6. Siya ay nilikha mula sa isang patak na sumago,

يَخْرُجُ مِنۢ بَيْنِ ٱلصُّلْبِ وَٱلتَّرَآئِبِ ﴿٧﴾

7. Na nanggagaling sa pagitan ng gulugod (ng ama) at mga tadyang (ng ina),

إِنَّهُۥ عَلَىٰ رَجْعِهِۦ لَقَادِرٌ ﴿٨﴾

8. Katotohanan! Siya (Allah) lamang ang may kakayahan na muling magsauli ng (kanyang) buhay!

يَوْمَ تُبْلَى ٱلسَّرَآئِرُ ﴿٩﴾

9. Sa Araw na ang lahat ng mga lihim (mga gawa, pagdarasal, pag-aayuno, kawanggawa,) ay mabubunyag at susuriin (kung katotohanan).

فَمَا لَهُۥ مِن قُوَّةٍ وَلَا نَاصِرٍ ﴿١٠﴾

10. (Kaya't ang tao) rito (sa Araw na yaon) ay walang magiging kapangyarihan at wala ring magiging katuwang.

وَٱلسَّمَآءِ ذَاتِ ٱلرَّجْعِ ﴿١١﴾

11. Ako (Allah) ay nanunumpa sa langit na nagpapamalisbis ng ulan nang paulit-ulit,

وَٱلْأَرْضِ ذَاتِ ٱلصَّدْعِ ﴿١٢﴾

12. At sa kalupaan na nagbibitak (sa pagsulpot at pagtubo ng mga puno at halaman),

إِنَّهُۥ لَقَوْلٌ فَصْلٌ ﴿١٣﴾

13. Katotohanan, (ang Qur'an) ang Pahayag na nagbubukod (sa pagkakaiba) ng katotohanan at

kabulaanan (tumpak at mali).

وَمَا هُوَ بِٱلْهَزْلِ ﴿١٤﴾

14. At ito ay hindi isang bagay na paglilibang lamang.

إِنَّهُمْ يَكِيدُونَ كَيْدًا ﴿١٥﴾

15. Katotohanang sila ay nagbabalak ng pakana (laban sa Islam)!

وَأَكِيدُ كَيْدًا ﴿١٦﴾

16. At Ako (Allah) rin ay nagbabalak ng pakana.

فَمَهِّلِ ٱلْكَٰفِرِينَ أَمْهِلْهُمْ رُوَيْدًا ﴿١٧﴾

17. Kaya't bigyan mo (O Muhammad) ng palugit ang mga hindi sumasampalataya. (Sa ngayon), sila ay pansamantala ninyong pakitunguhan nang mabayanad.

سُورَةُ الْأَعْلَىٰ

Surah 87

Surat Al-Ala
(Ang Kataas-taasan)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

سَبِّحِ ٱسْمَ رَبِّكَ ٱلْأَعْلَى ﴿١﴾

1. Luwalhatiin ang Pangalan ng iyong Panginoon, ang Kataas-taasan,

ٱلَّذِى خَلَقَ فَسَوَّىٰ ﴿٢﴾

2. Na Siyang lumikha (ng lahat ng bagay) at nagbigay ng kaayusan;

وَٱلَّذِى قَدَّرَ فَهَدَىٰ ﴿٣﴾

3. At nagtakda ng kahihinatnan ng bawat isa at nagbigay ng Patnubay (sa sangkatauhan sa Tuwid na Landas);

وَٱلَّذِىٓ أَخْرَجَ ٱلْمَرْعَىٰ ﴿٤﴾

4. At nagpatubo ng mga damuhan at pastulan,

فَجَعَلَهُۥ غُثَآءً أَحْوَىٰ ﴿٥﴾

5. At (muli) ay Kanyang ginawa ito na dayami.

سَنُقْرِئُكَ فَلَا تَنسَىٰٓ ﴿٦﴾

6. Ipababasa Namin sa iyo (O Muhammad, ang Qur'an) upang hindi mo malimutan,

إِلَّا مَا شَآءَ ٱللَّهُ ۚ إِنَّهُۥ يَعْلَمُ ٱلْجَهْرَ وَمَا يَخْفَىٰ ﴿٧﴾

7. Maliban sa anumang pahintulutan ni Allah. Talastas Niya ang nakalantad at nalilihim.

وَنُيَسِّرُكَ لِلْيُسْرَىٰ ﴿٨﴾

8. At gagawin Namin na magaan sa iyo (O Muhammad) ang Relihiyong Islam.

فَذَكِّرْ إِن نَّفَعَتِ ٱلذِّكْرَىٰ ﴿٩﴾

9. Kaya't paalalahanan mo (ang mga tao) kung ang pagpapaala-ala ay magbibigay ng kapakinabangan.

سَيَذَّكَّرُ مَن يَخْشَىٰ ﴿١٠﴾

10. Tiyak na diringgin (ito) ng sinuman na may pangangamba (kay Allah.)

وَيَتَجَنَّبُهَا ٱلْأَشْقَى ﴿١١﴾

11. (Datapuwa't) ito ay itatakwil ng mga masasawing-palad (ang mga hindi nananampalataya),

ٱلَّذِى يَصْلَى ٱلنَّارَ ٱلْكُبْرَىٰ ﴿١٢﴾

12. Na mahuhulog sa Nag-aalimpuyong Apoy,

ثُمَّ لَا يَمُوتُ فِيهَا وَلَا يَحْيَىٰ ﴿١٣﴾

13. Dito, siya ay hindi mamamatay (upang maginhawahan), at hindi rin mabubuhay (sa mabuting kalagayan).

قَدْ أَفْلَحَ مَن تَزَكَّىٰ ﴿١٤﴾

14. Katiyakan, ang magtatamo ng tagumpay ay siya na nagpapadalisay ng kanyang sarili (sa pamamagitan nang pag-iwas sa pagsamba sa mga diyus-diyosan at pagtanggap sa Kaisahan ni Allah at sa Islam).

وَذَكَرَ ٱسْمَ رَبِّهِۦ فَصَلَّىٰ ﴿١٥﴾

15. At lumuluwalhati sa Pangalan ng kanyang Panginoon (sumasamba lamang kay Allah at wala ng iba), at nananalangin (alalaong baga, ang limang takdang panalangin sa maghapon bukod pa ang mga dasal na ipinagtatagubilin).

بَلْ تُؤْثِرُونَ ٱلْحَيَوٰةَ ٱلدُّنْيَا ﴿١٦﴾

16. Datapuwa't minahalaga ninyo ang buhay sa mundong ito na hindi magtatagal;

وَٱلْءَاخِرَةُ خَيْرٌ وَأَبْقَىٰٓ ﴿١٧﴾

17. Bagama't ang Kabilang Buhay ay higit na mainam at mananatili.

إِنَّ هَٰذَا لَفِى ٱلصُّحُفِ ٱلْأُولَىٰ ﴿١٨﴾

18. Katotohanang ito ay nasa mga Aklat ng unang (kasulatan),

صُحُفِ إِبْرَٰهِيمَ وَمُوسَىٰ ﴿١٩﴾

19. At mga Kasulatan ni Abraham at Moises.

Surah 88

Surat Al-Ghashiyah
(Ang Kasindak-sindak Na Sandali)

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

هَلْ أَتَاكَ حَدِيثُ الْغَاشِيَةِ ﴿١﴾

1. Nakarating na ba sa iyo ang balita ng kasindak-sindak na sandali (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay)?

وُجُوهٌ يَوْمَئِذٍ خَاشِعَةٌ ﴿٢﴾

2. Sa Araw na yaon, may mga tao na ang mukha ay magiging aba.

عَامِلَةٌ نَّاصِبَةٌ ﴿٣﴾

3. (Sila) na gumagawa (ng buong pagsisikap sa makamundong buhay sa pagsamba sa mga iba tangi pa kay Allah), na napapagal (sa Kabilang Buhay).

تَصْلَىٰ نَارًا حَامِيَةً ﴿٤﴾

4. Sila ay magsisipasok sa Naglalagablab na Apoy.

تُسْقَىٰ مِنْ عَيْنٍ آنِيَةٍ ﴿٥﴾

5. Sila ay dudulutan ng inumin mula sa kumukulong batis.

لَّيْسَ لَهُمْ طَعَامٌ إِلَّا مِن ضَرِيعٍ ﴿٦﴾

6. Wala silang anumang pagkain dito maliban sa mapait at matinik na bungangkahoy,

لَّا يُسْمِنُ وَلَا يُغْنِي مِن جُوعٍ ﴿٧﴾

7. Na hindi makapagbibigay ng kabusugan sa kanila at makapapawi ng gutom.

وُجُوهٌ يَوْمَئِذٍ نَّاعِمَةٌ ﴿٨﴾

8. Sa Araw na ito, may mga tao na ang mukha ay magagalak,

لِّسَعْيِهَا رَاضِيَةٌ ﴿٩﴾

9. Na (sila ay) nasisiyahan sa kanilang pinagsikapan (sa mundong ito),

فِي جَنَّةٍ عَالِيَةٍ ﴿١٠﴾

10. (Sila ay naroroon) sa mataas na Paraiso,

لَّا تَسْمَعُ فِيهَا لَاغِيَةً ﴿١١﴾

11. Na rito ay hindi nila mapapakinggan ang masamang usapan,

فِيهَا عَيْنٌ جَارِيَةٌ ﴿١٢﴾

12. Na rito ay may dumadaloy na batis,

فِيهَا سُرُرٌ مَّرْفُوعَةٌ ﴿١٣﴾

13. Na rito ay may Luklukan ng Karangalan na nakataas,

وَأَكْوَابٌ مَّوْضُوعَةٌ ﴿١٤﴾

14. At mga kopita na laging laan,

وَنَمَارِقُ مَصْفُوفَةٌ ﴿١٥﴾

15. At mga diban na nakasalansan,

وَزَرَابِيُّ مَبْثُوثَةٌ ﴿١٦﴾

16. At mga ginintuang alpombra (karpeta) na nakalatag.

أَفَلَا يَنظُرُونَ إِلَى ٱلْإِبِلِ كَيْفَ خُلِقَتْ ﴿١٧﴾

17. Hindi baga nila isinaalang-alang ang kamelyo kung paano sila nilikha?

وَإِلَى ٱلسَّمَآءِ كَيْفَ رُفِعَتْ ﴿١٨﴾

18. At ang langit kung paano yaon itinaas?

وَإِلَى ٱلْجِبَالِ كَيْفَ نُصِبَتْ ﴿١٩﴾

19. At ang kabundukan kung paano ito (nilagyan ng ugat at) itinayo nang matatag?

وَإِلَى ٱلْأَرْضِ كَيْفَ سُطِحَتْ ﴿٢٠﴾

20. At ang kalupaan kung paano ito inilatag nang malawak?

فَذَكِّرْ إِنَّمَآ أَنتَ مُذَكِّرٌ ﴿٢١﴾

21. Kaya't paalalahanan mo sila (O Muhammad), ikaw ay isa lamang (Sugo na) tagapagpaala-ala.

لَّسْتَ عَلَيْهِم بِمُصَيْطِرٍ ﴿٢٢﴾

22. Ikaw ay walang kapangyarihan sa kanila na pilitin sila upang sumampalataya kay Allah.

إِلَّا مَن تَوَلَّىٰ وَكَفَرَ ﴿٢٣﴾

23. Datapuwa't sinuman ang tumalikod at hindi sumampalataya (kay Allah),

فَيُعَذِّبُهُ ٱللَّهُ ٱلْعَذَابَ ٱلْأَكْبَرَ ﴿٢٤﴾

24. Kung gayon, si Allah ang magpaparusa sa kanya ng kasakit-sakit na Kaparusahan.

إِنَّ إِلَيْنَآ إِيَابَهُمْ ﴿٢٥﴾

25. Katotohanang sa Amin ang kanilang hantungan.

ثُمَّ إِنَّ عَلَيْنَا حِسَابَهُم ﴿٢٦﴾

26. (At) pagkatapos, kami ang magsusulit sa kanila.

Surah 89

Surat Al-Fajr
(Ang Bukang Liwayway)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Bukang Liwayway;

وَٱلْفَجْرِ ﴿١﴾

2. Ako (Allah) ay nanunumpa sa sampung gabi (alalaong baga, ang unang sampung araw ng buwan ng *Dhul-Hijjah*);

وَلَيَالٍ عَشْرٍ ﴿٢﴾

3. Ako (Allah) ay nanunumpa sa bilang na pantay at gansal (alalaong baga, ang ikasampu at ikasiyam ng *Dhul-Hijjah*);

وَٱلشَّفْعِ وَٱلْوَتْرِ ﴿٣﴾

4. Ako (Allah) ay nanunumpa sa gabi kung ito ay lumilipas;

وَٱلَّيْلِ إِذَا يَسْرِ ﴿٤﴾

5. (Ito ang mga bagay na Aking sinumpaan). Hindi baga sapat na ito ay makapagbibigay-Patnubay sa mga tao na may ganap na pang-unawa (at dahil dito, sila ay marapat na umiwas sa lahat ng mga kasalanan at kawalang-pananalig)!

هَلْ فِى ذَٰلِكَ قَسَمٌ لِّذِى حِجْرٍ ﴿٥﴾

6. Hindi mo ba namamalas ([napagtatanto] O Muhammad) kung paano pinarusahan ng iyong Panginoon ang angkan ng A'ad?

أَلَمْ تَرَ كَيْفَ فَعَلَ رَبُّكَ بِعَادٍ ﴿٦﴾

7. (Sila) ang angkan ng Iram, na may matataas na tahanan,

إِرَمَ ذَاتِ ٱلْعِمَادِ ﴿٧﴾

8. Ang katulad nila (sa kapangyarihan) ay hindi nilikha sa (lahat) ng lupain?

ٱلَّتِى لَمْ يُخْلَقْ مِثْلُهَا فِى ٱلْبِلَٰدِ ﴿٨﴾

9. At sa angkan ng Thamud na bumabaak ng malalaking bato sa paanan ng bundok (upang gawing tirahan)?

وَثَمُودَ ٱلَّذِينَ جَابُوا۟ ٱلصَّخْرَ بِٱلْوَادِ ﴿٩﴾

10. At kay Fir'aun (Paraon) na may mga talasok (na nagpapahirap sa mga tao sa pamamagitan nang pagtatali sa mga talasok)?

وَفِرْعَوْنَ ذِى ٱلْأَوْتَادِ ﴿١٠﴾

11. Na (silang lahat ay) nagmalabis sa mga pamayanan (sa pagsuway kay Allah).

ٱلَّذِينَ طَغَوْا۟ فِى ٱلْبِلَٰدِ ﴿١١﴾

فَأَكْثَرُوا۟ فِيهَا ٱلْفَسَادَ ﴿١٢﴾

12. At nagsagawa rito ng napakaraming kabuktutan.

فَصَبَّ عَلَيْهِمْ رَبُّكَ سَوْطَ عَذَابٍ ﴿١٣﴾

13. Kaya't ang iyong Panginoon ay naggawad sa kanila ng iba't ibang uri ng kaparusahan.

إِنَّ رَبَّكَ لَبِٱلْمِرْصَادِ ﴿١٤﴾

14. Katotohanan, ang iyong Panginoon ay Laging Nagmamasid (sa kanila).

فَأَمَّا ٱلْإِنسَٰنُ إِذَا مَا ٱبْتَلَىٰهُ رَبُّهُۥ فَأَكْرَمَهُۥ وَنَعَّمَهُۥ فَيَقُولُ رَبِّىٓ أَكْرَمَنِ ﴿١٥﴾

15. At ang tao, kapag siya ay sinubukan ng kanyang Panginoon at gawaran ng biyaya at karangalan; kanyang sasalitain (ng may pagmamalaki): "Ang aking Panginoon ay nagparangal sa akin!"

وَأَمَّآ إِذَا مَا ٱبْتَلَىٰهُ فَقَدَرَ عَلَيْهِ رِزْقَهُۥ فَيَقُولُ رَبِّىٓ أَهَٰنَنِ ﴿١٦﴾

16. Datapuwa't kapag sinubukan siya ng kanyang Panginoon na higpitan ang pinagkukunan ng kanyang biyaya; kanyang sasalitain (ng may pagkalungkot): "Ang aking Panginoon ay humamak (umaba) sa akin!"

كَلَّا ۖ بَل لَّا تُكْرِمُونَ ٱلْيَتِيمَ ﴿١٧﴾

17. Hindi (ito tulad ng inyong inaakala)!, bagkus, kayo ay hindi lumilingap sa ulila (maging ang pakitunguhan siya ng mabuti o ipagkaloob sa kanya ang nararapat niyang mana)!

وَلَا تَحَٰٓضُّونَ عَلَىٰ طَعَامِ ٱلْمِسْكِينِ ﴿١٨﴾

18. At hindi kayo nanghihimok sa isa't isa na pakainin ang naghihikahos!

وَتَأْكُلُونَ ٱلتُّرَاثَ أَكْلًا لَّمًّا ﴿١٩﴾

19. At inyong kinamkam ang (kanilang) mana nang buong pagkagahaman,

وَتُحِبُّونَ ٱلْمَالَ حُبًّا جَمًّا ﴿٢٠﴾

20. At inyong minamahal ang kayamanan ng labis-labis na pagmamahal!

كَلَّآ إِذَا دُكَّتِ ٱلْأَرْضُ دَكًّا دَكًّا ﴿٢١﴾

21. Hindi (ito tulad ng inyong pag-aakala)! Kapag ang kalupaan ay durugin ng pinung-pino,

وَجَآءَ رَبُّكَ وَٱلْمَلَكُ صَفًّا صَفًّا ﴿٢٢﴾

22. At ang iyong Panginoon ay pumarito at ang mga anghel ay magkakahanay,

وَجِا۟ىٓءَ يَوْمَئِذٍۭ بِجَهَنَّمَ ۚ يَوْمَئِذٍ يَتَذَكَّرُ ٱلْإِنسَٰنُ وَأَنَّىٰ لَهُ ٱلذِّكْرَىٰ ﴿٢٣﴾

23. At ang Impiyerno, sa Araw na ito ay matatambad nang malapit. Sa Araw na ito, ang tao ay makakaala-ala; datapuwa't ano nga ba ang kapakinabangan (na maidudulot) sa kanya ng (ganitong) pag-aala-ala?

يَقُولُ يَٰلَيْتَنِى قَدَّمْتُ لِحَيَاتِى ﴿٢٤﴾

24. Siya ay magsasabi: "Ah! Sana ay nakapaghanda ako (ng mababuting gawa) tungo sa aking darating na (ibang) buhay!"

فَيَوْمَئِذٍ لَّا يُعَذِّبُ عَذَابَهُۥٓ أَحَدٌ ﴿٢٥﴾

25. Sa Araw na ito, ang Kanyang (Allah) kaparusahan (ng sakit at lumbay) ay hindi maipapadama ng sinuman (maliban sa Kanya).

26. At ang Kanyang panggapos (sa piitan) ay hindi maipapadama ng sinuman (maliban sa Kanya).

وَلَا يُوثِقُ وَثَاقَهُۥٓ أَحَدٌ ﴿٢٦﴾

27. (At sa matuwid na nananampalataya ay ipagbabadya): "O (ikaw na) mapayapang kaluluwa,

يَٰٓأَيَّتُهَا ٱلنَّفْسُ ٱلْمُطْمَئِنَّةُ ﴿٢٧﴾

28. Magbalik ka sa iyong Panginoon na (ikaw ay) nalulugod, at kinalulugdan (Niya)!

ٱرْجِعِىٓ إِلَىٰ رَبِّكِ رَاضِيَةً مَّرْضِيَّةً ﴿٢٨﴾

29. Halika, pumasok ka sa lipon ng Aking mararangal na alipin,

فَٱدْخُلِى فِى عِبَٰدِى ﴿٢٩﴾

30. At pumasok ka sa Aking Langit (Paraiso)!"

وَٱدْخُلِى جَنَّتِى ﴿٣٠﴾

سُورَةُ الْبَلَدِ

Surah 90

Surat Al-Balad
(Ang Lungsod)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Lungsod na ito (ang Makkah);

لَآ أُقْسِمُ بِهَٰذَا ٱلْبَلَدِ ﴿١﴾

2. At ikaw ay isa sa (malayang) mamamayan ng Lungsod na ito.

وَأَنتَ حِلٌّۢ بِهَٰذَا ٱلْبَلَدِ ﴿٢﴾

3. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa nagsilang (alalaong baga ay si Adan) at ang isinilang (alalaong baga, ang kanyang naging lahi);

وَوَالِدٍ وَمَا وَلَدَ ﴿٣﴾

4. Katotohanang Aming nilikha ang tao sa pagsisikap (sa pakikitalad sa buhay).

لَقَدْ خَلَقْنَا ٱلْإِنسَٰنَ فِى كَبَدٍ ﴿٤﴾

5. Inaakala ba niya na walang sinuman ang may kakayahan na makapangyayari sa kanya?

أَيَحْسَبُ أَن لَّن يَقْدِرَ عَلَيْهِ أَحَدٌ ﴿٥﴾

6. Siya ay nagsasabi (sa kapalaluan): "Aking nilustay ang malaking kayamanan sa pagmamalabis!"

يَقُولُ أَهْلَكْتُ مَالًا لُّبَدًا ﴿٦﴾

7. Inaakala ba niya na walang sinuman ang nakamamatyag sa kanya?

أَيَحْسَبُ أَن لَّمْ يَرَهُۥٓ أَحَدٌ ﴿٧﴾

8. Hindi baga Namin nilikha ang kanyang dalawang mata?

أَلَمْ نَجْعَل لَّهُۥ عَيْنَيْنِ ﴿٨﴾

9. At ang dila, at dalawang labi? وَلِسَانًا وَشَفَتَيْنِ ﴿٩﴾

10. At Aming ipinamalas (ipinaalam) sa kanya ang dalawang landas (tumpak at mali)? وَهَدَيْنَٰهُ ٱلنَّجْدَيْنِ ﴿١٠﴾

11. Datapuwa't siya ay hindi nagsumikap na tahakin ang matarik na daan (ng kaligtasan)? فَلَا ٱقْتَحَمَ ٱلْعَقَبَةَ ﴿١١﴾

12. At ano ang pagkakaalam mo sa matarik na daan? وَمَآ أَدْرَىٰكَ مَا ٱلْعَقَبَةُ ﴿١٢﴾

13. (Ito nga): Ang pagpapalaya sa isang leeg (alipin); فَكُّ رَقَبَةٍ ﴿١٣﴾

14. O kaya ay pagbibigay ng pagkain sa panahon ng taggutom (at pagdarahop), أَوْ إِطْعَٰمٌ فِى يَوْمٍ ذِى مَسْغَبَةٍ ﴿١٤﴾

15. Sa ulila na may kawing ng pagkakamag-anak, يَتِيمًا ذَا مَقْرَبَةٍ ﴿١٥﴾

16. O di kaya sa naghihikahos (na lugmok sa kahirapan). أَوْ مِسْكِينًا ذَا مَتْرَبَةٍ ﴿١٦﴾

17. Pagkaraan, siya ay isa sa mga sumasampalataya at nagtatagubilin sa isa't isa sa pagiging matiyaga, at (gayundin) ay nagtatagubilin sa isa't isa sa pagiging maawain (bukas ang puso). ثُمَّ كَانَ مِنَ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَتَوَاصَوْا۟ بِٱلصَّبْرِ وَتَوَاصَوْا۟ بِٱلْمَرْحَمَةِ ﴿١٧﴾

18. Sila ang mga karapat-dapat na magsisipanirahan sa Paraiso, أُو۟لَٰٓئِكَ أَصْحَٰبُ ٱلْمَيْمَنَةِ ﴿١٨﴾

19. (Datapuwa't) sila na hindi sumampalataya sa Aming *Ayat* (katibayan, kapahayagan, aral, tanda, atbp.), sila nga ang magsisipanirahan sa Impiyerno. وَٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ بِـَٔايَٰتِنَا هُمْ أَصْحَٰبُ ٱلْمَشْـَٔمَةِ ﴿١٩﴾

20. Ang Apoy ay ilulukob nang ganap (sa kanila; alalaong baga, sila ay mababalot ng Apoy na walang anumang singawan, butas o bintana). عَلَيْهِمْ نَارٌ مُّؤْصَدَةٌ ﴿٢٠﴾



Surah 91

Surat Ash-Shams
(Ang Araw)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

وَٱلشَّمْسِ وَضُحَىٰهَا ﴿١﴾

1. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Araw at sa kanyang marilag na liwanag;

وَٱلْقَمَرِ إِذَا تَلَىٰهَا ﴿٢﴾

2. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Buwan kung siya ay sumusubaybay sa kanya (Araw);

وَٱلنَّهَارِ إِذَا جَلَّىٰهَا ﴿٣﴾

3. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Maghapon (araw) kung ito ay nagpapamalas ng kasikatan (ng Araw);

وَٱلَّيْلِ إِذَا يَغْشَىٰهَا ﴿٤﴾

4. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Gabi kung ito ay lumulukob sa kanya (Araw);

وَٱلسَّمَآءِ وَمَا بَنَىٰهَا ﴿٥﴾

5. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Kalangitan (Alapaap) at sa Kanya na lumikha nito;

وَٱلْأَرْضِ وَمَا طَحَىٰهَا ﴿٦﴾

6. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Kalupaan at Siya na naglatag nito;

وَنَفْسٍ وَمَا سَوَّىٰهَا ﴿٧﴾

7. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Tao (Kaluluwa), at Siya na lumikha sa kanya (sa ganap at angkop na sukat);

فَأَلْهَمَهَا فُجُورَهَا وَتَقْوَىٰهَا ﴿٨﴾

8. At Kanyang ipinamalas sa kanya kung ano ang tumpak at mali;

قَدْ أَفْلَحَ مَن زَكَّىٰهَا ﴿٩﴾

9. Katotohanang siya na nagpapadalisay ng kanyang sarili ay magtatagumpay (alalaong baga, sumunod at magsagawa ng lahat ng mga ipinag-uutos ni Allah sa pamamagitan ng pagsunod sa Tunay na Pananalig at paggawa ng mga kabutihan).

وَقَدْ خَابَ مَن دَسَّىٰهَا ﴿١٠﴾

10. At katotohanang siya na nagpapasama sa kanyang sarili ay mabibigo (alalaong baga, pagsuway sa mga ipinag-uutos ni Allah sa pamamagitan ng pagtatakwil sa Tunay na Pananalig o kaya ay pagsamba sa mga diyus-diyosan o di kaya ay paggawa ng mga kasalanan at kabuktutan).

كَذَّبَتْ ثَمُودُ بِطَغْوَىٰهَآ ﴿١١﴾

11. (Ang pamayanan) ni Thamud ay nagtatwa (sa kanilang Propeta) sa pamamagitan ng kanilang paglabag sa kautusan (pagtatakwil sa Tunay na Pananalig at pagsamba sa mga diyus-diyosan at paggawa ng lahat ng uri ng kasalanan),

إِذِ ٱنۢبَعَثَ أَشْقَىٰهَا ﴿١٢﴾

12. Nang lumantad ang pinakabuktot na tao sa kanilang lipon.

فَقَالَ لَهُمْ رَسُولُ ٱللَّهِ نَاقَةَ ٱللَّهِ وَسُقْيَٰهَا ﴿١٣﴾

13. Datapuwa't ang Sugo ni Allah (si Propeta Salih) ay nagsabi sa kanila: "Maging maingat! (Iyan ay isang babaeng kamelyo ni Allah) at huwag siyang pigilan na uminom o saktan!"

فَكَذَّبُوهُ فَعَقَرُوهَا فَدَمْدَمَ عَلَيْهِمْ رَبُّهُم بِذَنۢبِهِمْ فَسَوَّىٰهَا ﴿١٤﴾

14. Datapuwa't sila ay nagpasinungaling sa kanya (at hindi pinakinggan ang kanyang mga sinasabi), at kanilang binigti ito (ang babaeng kamelyo). Kaya't ang kanilang Panginoon ay nagwasak (nagparusa) sa kanilang lahat nang sama-sama (mayaman, mahirap, mahina, malakas, mga tahanan) dahil sa kanilang mga kasalanan.

وَلَا يَخَافُ عُقْبَٰهَا ﴿١٥﴾

15. At Siya (Allah) ay hindi nangangamba sa anumang magiging kahihinatnan nito.

سُورَةُ ٱللَّيْلِ

Surah 92

Surat Al-Lail
(Ang Gabi)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

وَٱلَّيْلِ إِذَا يَغْشَىٰ ﴿١﴾

1. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Gabi habang lumulukob (sa liwanag);

وَٱلنَّهَارِ إِذَا تَجَلَّىٰ ﴿٢﴾

2. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Araw (maghapon) habang ito ay namamanaag sa pagsikat;

وَمَا خَلَقَ ٱلذَّكَرَ وَٱلْأُنثَىٰٓ ﴿٣﴾

3. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Kanya na lumikha ng lalaki at babae;

إِنَّ سَعْيَكُمْ لَشَتَّىٰ ﴿٤﴾

4. Katotohanan, ang inyong mga pagsusumikap at mga gawa ay magkakaiba (may tumpak at may mali);

فَأَمَّا مَنْ أَعْطَىٰ وَٱتَّقَىٰ ﴿٥﴾

5. At sa kanya na nagbibigay (ng kawanggawa) at may pangangamba (kay Allah),

وَصَدَّقَ بِالْحُسْنَىٰ ﴿٦﴾

6. At naniniwala sa *Al-Husna* (ang Pinakamainam, alalaong baga, isang gantimpala mula kay Allah, {na si Allah ang magbabayad sa anumang kanyang ginugol tungo sa Kapakanan ni Allah} o maggagawad sa kanya ng Paraiso).

فَسَنُيَسِّرُهُۥ لِلْيُسْرَىٰ ﴿٧﴾

7. Katotohanang gagawin Naming magaan sa kanya ang Landas patungo sa Paraiso.

وَأَمَّا مَنۢ بَخِلَ وَٱسْتَغْنَىٰ ﴿٨﴾

8. (Datapuwa't) siya na maramot (at makasarili) at nagpapalagay na may sarili siyang kasapatan.

وَكَذَّبَ بِالْحُسْنَىٰ ﴿٩﴾

9. At hindi naniniwala sa *Al-Husna* (ang Pinakamainam na gantimpalang manggagaling kay Allah, tingnan ang talata bilang 6);

فَسَنُيَسِّرُهُۥ لِلْعُسْرَىٰ ﴿١٠﴾

10. Katotohanang gagawin Namin na magaan sa kanya ang Landas patungo sa Kapariwaraan (Impiyerno);

وَمَا يُغْنِى عَنْهُ مَالُهُۥٓ إِذَا تَرَدَّىٰٓ ﴿١١﴾

11. At walang (anumang) kapakinabangan ang maidudulot sa kanya ng kanyang kayamanan sa sandaling siya ay ibulid na sa Impiyerno.

إِنَّ عَلَيْنَا لَلْهُدَىٰ ﴿١٢﴾

12. Katotohanan! Nasa sa Amin ang pagbibigay ng Patnubay,

وَإِنَّ لَنَا لَلْءَاخِرَةَ وَٱلْأُولَىٰ ﴿١٣﴾

13. At Katotohanang Kami ang nagtataglay (ng kapamahalaan) ng Katapusan (Kabilang Buhay) at ng Simula (ang Buhay sa mundong ito).

فَأَنذَرْتُكُمْ نَارًا تَلَظَّىٰ ﴿١٤﴾

14. Kaya't kayo ay Aking binabalaan ng Umaalimpuyong Apoy (Impiyerno);

لَا يَصْلَىٰهَآ إِلَّا ٱلْأَشْقَى ﴿١٥﴾

15. Walang sinuman ang ibubulid dito maliban sa tampalasan,

ٱلَّذِى كَذَّبَ وَتَوَلَّىٰ ﴿١٦﴾

16. Na nagpapasinungaling sa Qur'an at tumatalikod.

وَسَيُجَنَّبُهَا ٱلْأَتْقَى ﴿١٧﴾

17. At ang *Muttaqun* (mga matimtiman at matutuwid na tao na lubos na sumasampalataya kay Allah), ay malayo rito (Impiyerno).

ٱلَّذِى يُؤْتِى مَالَهُۥ يَتَزَكَّىٰ ﴿١٨﴾

18. (Siya) na gumugugol ng kanyang kayamanan upang magkamit ng kadalisayan (sa kanyang sarili).

وَمَا لِأَحَدٍ عِندَهُۥ مِن نِّعْمَةٍ تُجْزَىٰٓ ﴿١٩﴾

19. At wala siyang iniisip na pag-asam ng ganti sa sinuman (na kanyang dinamayan),

إِلَّا ٱبْتِغَآءَ وَجْهِ رَبِّهِ ٱلْأَعْلَىٰ ﴿٢٠﴾

20. Maliban lamang sa kanyang hangarin na makamtan ang kasiyahan (Pagkalugod) ng kanyang Panginoon, ang Kataas-taasan;

وَلَسَوْفَ يَرْضَىٰ ﴿٢١﴾

21. Katiyakang siya ay malulugod (kung siya ay papasok na sa Paraiso).

Surah 93

Surat Adh-Dhuha
(Bago Tumanghali)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

وَٱلضُّحَىٰ ﴿١﴾

1. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Oras bago tumanghali;

وَٱلَّيْلِ إِذَا سَجَىٰ ﴿٢﴾

2. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Gabi kung ito ay pusikit;

مَا وَدَّعَكَ رَبُّكَ وَمَا قَلَىٰ ﴿٣﴾

3. Ang iyong Panginoon (O Muhammad) ay hindi tumalikod sa iyo at hindi namuhi sa iyo.

وَلَلْآخِرَةُ خَيْرٌ لَّكَ مِنَ ٱلْأُولَىٰ ﴿٤﴾

4. At katotohanan, ang Kabilang Buhay ay higit na mainam sa iyo kaysa sa kasalukuyang buhay (ng mundong ito).

وَلَسَوْفَ يُعْطِيكَ رَبُّكَ فَتَرْضَىٰ ﴿٥﴾

5. At katotohanan, ang iyong Panginoon ay magkakaloob sa iyo (ng lahat ng mabuti) upang ikaw ay lubos na masiyahan.

أَلَمْ يَجِدْكَ يَتِيمًا فَـَٔاوَىٰ ﴿٦﴾

6. Hindi baga ikaw (O Muhammad) ay natagpuan Niya na isang ulila at ikaw ay pinagkalooban Niya ng masisilungan?

وَوَجَدَكَ ضَآلًّا فَهَدَىٰ ﴿٧﴾

7. At Kanyang natagpuan na ikaw ay walang kamuwangan (sa Qur'an) at ikaw ay ginawaran Niya ng patnubay?

وَوَجَدَكَ عَآئِلًا فَأَغْنَىٰ ﴿٨﴾

8. At Kanyang natagpuan na ikaw ay nangangailangan (isang dukha) at ikaw ay ginawa Niyang mayaman (may sariling kasapatan at nasisiyahan).

فَأَمَّا ٱلْيَتِيمَ فَلَا تَقْهَرْ ﴿٩﴾

9. Kaya't huwag mong ituring ang ulila ng may pang-aapi.

وَأَمَّا ٱلسَّآئِلَ فَلَا تَنْهَرْ ﴿١٠﴾

10. At huwag mong itaboy ang humihingi;

وَأَمَّا بِنِعْمَةِ رَبِّكَ فَحَدِّثْ ﴿١١﴾

11. At ipagbunyi mo ang Biyaya na ipinagkaloob ng iyong Panginoon (alalaong baga, ang pagka-Propeta at lahat ng iba pang Biyaya).



Surah 94

Surat Ash-Sharh
(Ang Kaginhawahan)

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

أَلَمۡ نَشۡرَحۡ لَكَ صَدۡرَكَ ﴿١﴾

1. Hindi baga Aming binuksan (ginawang maginhawa) ang iyong dibdib (O Muhammad)?

وَوَضَعۡنَا عَنكَ وِزۡرَكَ ﴿٢﴾

2. At Aming pinawi sa iyo ang pasan mong hirap,

ٱلَّذِيٓ أَنقَضَ ظَهۡرَكَ ﴿٣﴾

3. Na nagpapabigat sa iyong likuran?

وَرَفَعۡنَا لَكَ ذِكۡرَكَ ﴿٤﴾

4. At kayo ay ginawa Namin na kapuri-puri?

فَإِنَّ مَعَ ٱلۡعُسۡرِ يُسۡرًا ﴿٥﴾

5. Katotohanan! Ang kasunod ng (bawat) kahirapan ay kaginhawahan,

إِنَّ مَعَ ٱلۡعُسۡرِ يُسۡرًا ﴿٦﴾

6. Katotohanan, ang kasunod ng kahirapan ay kaginhawahan.

فَإِذَا فَرَغۡتَ فَٱنصَبۡ ﴿٧﴾

7. Kaya't kung ikaw ay matapos na (sa iyong paghahanap-buhay), ikaw ay tumindig sa pagsamba kay Allah.

وَإِلَىٰ رَبِّكَ فَٱرۡغَب ﴿٨﴾

8. At sa iyong Panginoon (mo lamang) ibaling (ang lahat mong pansin at pag-asa).



Surah 95

Surat At-Tin
(Ang Igos)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

وَٱلتِّينِ وَٱلزَّيْتُونِ ﴿١﴾

1. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Igos at sa Oliba,

وَطُورِ سِينِينَ ﴿٢﴾

2. Ako (Allah) ay nanunumpa sa Bundok ng Sinai,

وَهَٰذَا ٱلْبَلَدِ ٱلْأَمِينِ ﴿٣﴾

3. At Ako (Allah) ay nanunumpa sa Lungsod ng Kaligtasan (Makkah),

لَقَدْ خَلَقْنَا ٱلْإِنسَٰنَ فِىٓ أَحْسَنِ تَقْوِيمٍ ﴿٤﴾

4. Katotohanang Aming nilikha ang tao sa pinakamagandang sukat (anyo).

ثُمَّ رَدَدْنَٰهُ أَسْفَلَ سَٰفِلِينَ ﴿٥﴾

5. At pagkatapos ay Aming ibinaba siya sa pinakamababa sa lahat ng mababa (Impiyerno),

إِلَّا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ فَلَهُمْ أَجْرٌ غَيْرُ مَمْنُونٍ ﴿٦﴾

6. Maliban sa mga may pananalig (sa Kaisahan ni Allah) at may matutuwid na gawa, kung gayon, sasakanila ang gantimpala na walang hanggan (Paraiso).

فَمَا يُكَذِّبُكَ بَعْدُ بِٱلدِّينِ ﴿٧﴾

7. Kung gayon (O Tao), ano pa (ba) ang dahilan para itatwa mo ang Araw ng Muling Pagkabuhay?

أَلَيْسَ ٱللَّهُ بِأَحْكَمِ ٱلْحَٰكِمِينَ ﴿٨﴾

8. Hindi baga si Allah ang Pinakamakatarungan sa lahat ng Hukom?



Surah 96

Surat Al-Alaq
(Ang Namuong Dugo)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Bumasa ka (O Muhammad) sa Ngalan ng iyong Panginoon na lumikha sa lahat ng bagay,

ٱقْرَأْ بِٱسْمِ رَبِّكَ ٱلَّذِى خَلَقَ ﴿١﴾

2. Na lumikha sa tao mula sa namuong patak ng dugo.

خَلَقَ ٱلْإِنسَٰنَ مِنْ عَلَقٍ ﴿٢﴾

3. Iyong basahin! At ang iyong Panginoon ang Pinakamapagbigay,

ٱقْرَأْ وَرَبُّكَ ٱلْأَكْرَمُ ﴿٣﴾

4. Na nagturo (ng pagsulat) sa pamamagitan ng panulat,

ٱلَّذِى عَلَّمَ بِٱلْقَلَمِ ﴿٤﴾

5. Na nagturo sa tao ng hindi niya nalalaman.

عَلَّمَ ٱلْإِنسَٰنَ مَا لَمْ يَعْلَمْ ﴿٥﴾

6. Hindi (karapat-dapat ang ginawang pagsuway ng tao). Katotohanan, ang tao ay nagmalabis ([nagpalalo] sa kanyang kawalan ng pananalig at kasamaan),

كَلَّآ إِنَّ ٱلْإِنسَٰنَ لَيَطْغَىٰٓ ﴿٦﴾

7. Sapagkat itinuturing niya ang kanyang sarili na may sariling kasapatan (hindi nangangailangan ng anumang tulong).

أَن رَّءَاهُ ٱسْتَغْنَىٰٓ ﴿٧﴾

8. Katiyakan! Sa iyong Panginoon ang pagbabalik (ng lahat).

إِنَّ إِلَىٰ رَبِّكَ ٱلرُّجْعَىٰٓ ﴿٨﴾

9. Nakikita mo ba siya na humahadlang (alalaong baga, si Abu Jahl),

أَرَءَيْتَ ٱلَّذِى يَنْهَىٰ ﴿٩﴾

عَبْدًا إِذَا صَلَّىٰ ﴿١٠﴾

10. Sa isang alipin (Muhammad) kung siya ay nananalangin?

أَرَءَيْتَ إِن كَانَ عَلَى ٱلْهُدَىٰٓ ﴿١١﴾

11. Paano kung siya (Muhammad) ay nasa patnubay (ni Allah)?

أَوْ أَمَرَ بِٱلتَّقْوَىٰٓ ﴿١٢﴾

12. O nagtatagubilin sa kabanalan?

أَرَءَيْتَ إِن كَذَّبَ وَتَوَلَّىٰٓ ﴿١٣﴾

13. Paano kung siya (Abu Jahl) ay nagtatatwa (sa Qur'an) at tumatalikod?

أَلَمْ يَعْلَم بِأَنَّ ٱللَّهَ يَرَىٰ ﴿١٤﴾

14. Hindi baga niya nababatid na si Allah ay nagmamasid (sa kanyang ginagawa)?

كَلَّا لَئِن لَّمْ يَنتَهِ لَنَسْفَعًۢا بِٱلنَّاصِيَةِ ﴿١٥﴾

15. Magtigil na siya (sa kanyang mga ginagawa)! Kung siya (Abu Jahl) ay hindi titigil, Aming kakaladkarin siya sa kanyang buhok na nakalawit sa noo,

نَاصِيَةٍ كَٰذِبَةٍ خَاطِئَةٍ ﴿١٦﴾

16. Siya (Abu Jahl) ay nagsisinungaling at makasalanan!

فَلْيَدْعُ نَادِيَهُۥ ﴿١٧﴾

17. At hayaan siyang tumawag (ng tulong) sa lipon (ng kanyang mga kapanalig),

سَنَدْعُ ٱلزَّبَانِيَةَ ﴿١٨﴾

18. Tiyak na tatawagin Namin ang mga anghel na tagapagbantay ng Impiyerno!

كَلَّا لَا تُطِعْهُ وَٱسْجُدْ وَٱقْتَرِب ۩ ﴿١٩﴾

19. Hindi (ito tulad ng kanyang [Abu Jahl] pag-aakala)! Huwag mo siyang sundin (O Muhammad), bagkus ay magpatirapa ka at lumapit kay Allah!

Surah 97

Surat Al-Qadr
(Ang Gabi Ng Al-Qadr [Kapasiyahan])

بِسۡمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحۡمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

إِنَّآ أَنزَلۡنَٰهُ فِي لَيۡلَةِ ٱلۡقَدۡرِ ﴿١﴾

1. Katotohanang Aming ipinanaog ang Qur'an (mula sa *Lawh Al-Mahfouz*) sa Gabi ng *Al-Qadr* (Kapasiyahan).

وَمَآ أَدۡرَىٰكَ مَا لَيۡلَةُ ٱلۡقَدۡرِ ﴿٢﴾

2. At paano mo mapag-aalaman kung ano ang Gabi ng *Al-Qadr* (Kapasiyahan)?

لَيۡلَةُ ٱلۡقَدۡرِ خَيۡرٞ مِّنۡ أَلۡفِ شَهۡرٖ ﴿٣﴾

3. Ang Gabi ng *Al-Qadr* (Kapasiyahan) ay higit na mainam sa isang libong buwan (alalaong baga, ang pagsamba kay Allah sa Gabing ito ay higit na mainam kaysa sa pagsamba sa Kanya sa isang libong buwan o 83 taon at 4 na buwan).

تَنَزَّلُ ٱلۡمَلَٰٓئِكَةُ وَٱلرُّوحُ فِيهَا بِإِذۡنِ رَبِّهِم مِّن كُلِّ أَمۡرٖ ﴿٤﴾

4. Dito ay bumababa ang mga anghel at *Ruh* (Gabriel) sa kapahintulutan ni Allah, hinggil sa mga Tadhana na ipinapasiya (pinagpapasyahan) ni Allah.

سَلَٰمٌ هِيَ حَتَّىٰ مَطۡلَعِ ٱلۡفَجۡرِ ﴿٥﴾

5. Sa buong Gabing ito ay mayroong Kapayapaan at Kabutihan (mula kay Allah sa Kanyang nananampalatayang mga alipin), hanggang sa pagdatal ng bukang liwayway.



Surah 98

Surat Al-Baiyinah
(Ang Malinaw na Katibayan)

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

لَمْ يَكُنِ الَّذِينَ كَفَرُوا مِنْ أَهْلِ الْكِتَابِ وَالْمُشْرِكِينَ مُنفَكِّينَ حَتَّىٰ تَأْتِيَهُمُ الْبَيِّنَةُ ﴿١﴾

1. Ang mga hindi sumasampalataya sa lipon ng Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) at mga Pagano (mapagsamba sa diyus-diyosan); sila ay hindi tatalikdan (sa kanilang kawalan ng pananalig) hanggang sa dumatal sa kanila ang Malinaw na Katibayan.

رَسُولٌ مِّنَ اللَّهِ يَتْلُو صُحُفًا مُّطَهَّرَةً ﴿٢﴾

2. Isang Sugo (Muhammad) mula kay Allah, na dumadalit ng mga dalisay na pahina (ng Qur'an), ang dalisay sa *Al-Batil* (kabulaanan, kasinungalingan),

فِيهَا كُتُبٌ قَيِّمَةٌ ﴿٣﴾

3. Na nagtataglay ng tumpak at tuwid na mga batas mula kay Allah.

وَمَا تَفَرَّقَ الَّذِينَ أُوتُوا الْكِتَابَ إِلَّا مِن بَعْدِ مَا جَاءَتْهُمُ الْبَيِّنَةُ ﴿٤﴾

4. At ang Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano) ay hindi nagkakaiba sa pananampalataya, maliban na lamang nang dumatal sa kanila ang Malinaw na Katibayan (alalaong baga, si Propeta Muhammad).

وَمَا أُمِرُوا إِلَّا لِيَعْبُدُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ حُنَفَاءَ وَيُقِيمُوا الصَّلَاةَ وَيُؤْتُوا الزَّكَاةَ ۚ وَذَٰلِكَ دِينُ الْقَيِّمَةِ ﴿٥﴾

5. At sila ay hindi pinag-utusan maliban lamang na kanilang sambahin si Allah, (at huwag mag-akibat ng mga katambal sa Kanya), at mag-alay ng *Salah* (takdang panalangin nang mahinusay), at magkaloob ng *Zakat* (katungkulang kawanggawa), at ito ang Tumpak na Pananampalataya.

إِنَّ ٱلَّذِينَ كَفَرُوا۟ مِنْ أَهْلِ ٱلْكِتَٰبِ وَٱلْمُشْرِكِينَ فِى نَارِ جَهَنَّمَ خَٰلِدِينَ فِيهَآ ۚ أُو۟لَٰٓئِكَ هُمْ شَرُّ ٱلْبَرِيَّةِ ﴿٦﴾

6. Katotohanan, sila na hindi sumasampalataya (sa relihiyong Islam) sa lipon ng Angkan ng Kasulatan (mga Hudyo at Kristiyano), at mga Pagano (mapagsamba sa mga diyus-diyosan), ay mananahan sa Apoy ng Impiyerno magpakailanman. Sila ang pinakamasama sa lahat ng mga nilalang.

إِنَّ ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ أُو۟لَٰٓئِكَ هُمْ خَيْرُ ٱلْبَرِيَّةِ ﴿٧﴾

7. Katotohanan, sila na sumasampalataya (sa Islam at sa mga ipinag-uutos nito) at nagsisigawa ng mababuting gawa, sila ang pinakamainam sa lahat ng mga nilalang.

جَزَآؤُهُمْ عِندَ رَبِّهِمْ جَنَّٰتُ عَدْنٍ تَجْرِى مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَٰرُ خَٰلِدِينَ فِيهَآ أَبَدًا ۖ رَّضِىَ ٱللَّهُ عَنْهُمْ وَرَضُوا۟ عَنْهُ ۚ ذَٰلِكَ لِمَنْ خَشِىَ رَبَّهُۥ ﴿٨﴾

8. Ang kanilang gantimpala (mula) sa kanilang Panginoon ay Paraiso, na sa ilalim nito ay may mga ilog na nagsisidaloy; mananahan sila rito magpakailanman; si Allah ay tunay na nalulugod sa kanila, gayundin naman sila kay Allah.Ito ay para sa kanya na may pangangamba kay Allah.

Surah 99

Surat Az-Zalzalah
(Ang Lindol)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

إِذَا زُلْزِلَتِ ٱلْأَرْضُ زِلْزَالَهَا ﴿١﴾

1. Kapag ang mundo ay mayanig sa kanyang (matinding) paglindol,

وَأَخْرَجَتِ ٱلْأَرْضُ أَثْقَالَهَا ﴿٢﴾

2. At kapag ang kalupaan ay magluwa ng kanyang mga dalahin,

وَقَالَ ٱلْإِنسَٰنُ مَا لَهَا ﴿٣﴾

3. At ang tao ay magsasabi: "Ano ang nangyayari sa kanya?"

يَوْمَئِذٍ تُحَدِّثُ أَخْبَارَهَا ﴿٤﴾

4. Sa Araw na ito (ang kalupaan) ay magsasaysay ng mga pangyayari (na naganap sa kanya na mga kabutihan at kasamaan),

بِأَنَّ رَبَّكَ أَوْحَىٰ لَهَا ﴿٥﴾

5. Sapagkat ang iyong Panginoon ay nagbigay ng utos sa kanya.

يَوْمَئِذٍ يَصْدُرُ ٱلنَّاسُ أَشْتَاتًا لِّيُرَوْا أَعْمَٰلَهُمْ ﴿٦﴾

6. Sa Araw na ito, ang sangkatauhan ay magsisilakad sa magkakahiwalay na pangkat upang itambad sa kanila ang kanilang mga gawa.

فَمَن يَعْمَلْ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ خَيْرًا يَرَهُۥ ﴿٧﴾

7. Kaya't sinuman ang gumawa ng mabuting gawa na katumbas ng bigat ng isang atomo (o isang maliit na langgam), ay makakamalas nito.

وَمَن يَعْمَلْ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ شَرًّا يَرَهُۥ ﴿٨﴾

8. At ang sinumang gumawa ng masamang gawa na katumbas ng bigat ng isang atomo (o isang maliit na langgam), ay makakamalas nito.

Surah 100

Surat Al-Adiyat
(Silang Mga Tumatakbo)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

وَٱلْعَٰدِيَٰتِ ضَبْحًا ﴿١﴾

1. Ako (Allah) ay nanunumpa sa mga kabayo na tumatakbo na nangangapos (ang hininga),

فَٱلْمُورِيَٰتِ قَدْحًا ﴿٢﴾

2. Na kumikiskis ang tilamsik ng apoy (sa kanilang mga paa),

فَٱلْمُغِيرَٰتِ صُبْحًا ﴿٣﴾

3. At gumagalugad sa pagsalakay sa bukang liwayway,

فَأَثَرْنَ بِهِۦ نَقْعًا ﴿٤﴾

4. Na nagdulot ng makapal na alikabok sa mga ulap,

فَوَسَطْنَ بِهِۦ جَمْعًا ﴿٥﴾

5. At nagpupumilit na makapasok sa gitna (ng kaaway);

إِنَّ ٱلْإِنسَٰنَ لِرَبِّهِۦ لَكَنُودٌ ﴿٦﴾

6. Katotohanan! Ang tao (na walang pananampalataya) ay walang pagtanaw ng utang na loob sa kanyang Panginoon;

وَإِنَّهُۥ عَلَىٰ ذَٰلِكَ لَشَهِيدٌ ﴿٧﴾

7. At siya mismo ay magiging saksi rito (sa pamamagitan ng kanyang mga gawa);

وَإِنَّهُۥ لِحُبِّ ٱلْخَيْرِ لَشَدِيدٌ ﴿٨﴾

8. At katotohanang siya ay marubdob sa kanyang pagmamahal sa kayamanan.

۞ أَفَلَا يَعْلَمُ إِذَا بُعْثِرَ مَا فِى ٱلْقُبُورِ ﴿٩﴾

9. Hindi baga niya batid na kapag ang mga taong nakalibing ay muling bubuhayin.

وَحُصِّلَ مَا فِى ٱلصُّدُورِ ﴿١٠﴾

10. At ang lihim ng dibdib (ng mga tao) ay mabubunyag.

إِنَّ رَبَّهُم بِهِمْ يَوْمَئِذٍ لَّخَبِيرٌ ﴿١١﴾

11. Katotohanang sa Araw na ito (alalaong baga, ang Araw ng Muling Pagkabuhay), ang kanilang Panginoon ay Lubos na Nakakaalam sa kanilang mga gawa, at Kanyang babayaran sila (ayon sa kanilang mga gawa).

Surah 101

Surat Al-Qariah
Ang Huling Oras

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. *Al-Qariah* ang Huling Oras,

ٱلْقَارِعَةُ ﴿١﴾

2. Ano nga ba ang Huling Oras?

مَا ٱلْقَارِعَةُ ﴿٢﴾

3. At paano mo mapag-aalaman kung ano ang Huling Oras?

وَمَآ أَدْرَىٰكَ مَا ٱلْقَارِعَةُ ﴿٣﴾

4. Ito ang Araw na ang sangkatauhan ay matutulad sa mga gamu-gamo na makapal na nakakalat,

يَوْمَ يَكُونُ ٱلنَّاسُ كَٱلْفَرَاشِ ٱلْمَبْثُوثِ ﴿٤﴾

5. At ang kabundukan ay tila ba gusot na himaymay ng lana,

وَتَكُونُ ٱلْجِبَالُ كَٱلْعِهْنِ ٱلْمَنفُوشِ ﴿٥﴾

6. At sa kanya na ang timbang (ng mabubuting gawa) ay masusumpungan na mabigat,

فَأَمَّا مَن ثَقُلَتْ مَوَٰزِينُهُۥ ﴿٦﴾

7. Siya ay mamumuhay sa ligaya at saya (sa Paraiso).

فَهُوَ فِى عِيشَةٍ رَّاضِيَةٍ ﴿٧﴾

8. Datapuwa't sa kanya na ang timbang (ng mababuting gawa) ay masusumpungan na magaan,

وَأَمَّا مَنْ خَفَّتْ مَوَٰزِينُهُۥ ﴿٨﴾

9. Kanyang magiging tahanan ang *Hawiya* (Hukay sa Impiyerno).

فَأُمُّهُۥ هَاوِيَةٌ ﴿٩﴾

10. At paano mo mapag-aalaman kung ano ang (kahulugan ng) *Hawiya*?

وَمَآ أَدْرَىٰكَ مَا هِيَهْ ﴿١٠﴾

11. (Ito) ay mainit (na Nag-aalimpuyong Ningas)!

نَارٌ حَامِيَةٌۢ ﴿١١﴾

Surah 102

Surat At-Takathur
(Ang Pagtitipon Ng Mga Makamundong Bagay)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ang inyong pakikipagpaligsahan (sa pagtitipon ng mga makamundong bagay) ay nakapapanaig sa inyo upang lumihis (sa tunay na pagsamba kay Allah at tamang paghahanda sa Kabilang Buhay),

أَلْهَىٰكُمُ ٱلتَّكَاثُرُ ﴿١﴾

2. Hanggang sa kayo ay humantong sa (inyong) libingan (alalaong baga, hanggang kayo ay mamatay).

حَتَّىٰ زُرْتُمُ ٱلْمَقَابِرَ ﴿٢﴾

3. Hindi (tama itong ginagawa ninyo)! Inyong mapag-aalaman (ang kahihinatnan ng inyong ginagawa)!

كَلَّا سَوْفَ تَعْلَمُونَ ﴿٣﴾

4. At muli, hindi (tama itong ginagawa ninyo)! Inyong mapag-aalaman (ang kahihinatnan ng inyong ginagawa)!

ثُمَّ كَلَّا سَوْفَ تَعْلَمُونَ ﴿٤﴾

5. Hindi (tama itong inyong ginagawa)! Kung inyo lamang nababatid ng may tiyak na kaalaman (ang kahihinatnan ng pagtitipon ng kayamanan, hindi sana ninyo ginugol ang inyong panahon sa mga makamundong bagay)!

كَلَّا لَوْ تَعْلَمُونَ عِلْمَ ٱلْيَقِينِ ﴿٥﴾

6. Katiyakan! Inyong mapagmamalas ang Naglalagablab na Apoy (Impiyerno)!

لَتَرَوُنَّ ٱلْجَحِيمَ ﴿٦﴾

7. At muli, tiyak na inyong mapagmamalas ito (nang kayo ay makulong dito)!

ثُمَّ لَتَرَوُنَّهَا عَيْنَ ٱلْيَقِينِ ﴿٧﴾

8. At sa Araw na ito, kayo ay tatanungin hinggil sa mga biyaya (na ipinagkaloob sa inyo na naging sanhi ng inyong pagkalihis sa katotohanan).

ثُمَّ لَتُسْـَٔلُنَّ يَوْمَئِذٍ عَنِ ٱلنَّعِيمِ ﴿٨﴾



Surah 103

Surat Al-Asr
(Ang Panahon)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ako (Allah) ay nanunumpa sa *Al-Asr* (Panahon).

وَٱلْعَصْرِ ﴿١﴾

2. Katotohanan! Ang tao ay nasa kawalan (pagkapahamak),

إِنَّ ٱلْإِنسَٰنَ لَفِى خُسْرٍ ﴿٢﴾

3. Maliban sa mga sumasampalataya (kay Allah), at nagsisigawa ng mga kabutihan at nagbibigay ng payo sa isa't isa sa Katotohanan (alalaong baga, nagtatagubilin sa kanya [kanila] na magsagawa ng lahat ng uri ng mabubuting gawa na ipinag-uutos ni Allah at pag-iwas sa lahat ng masasamang gawa na ipinagbabawal ni Allah), at nagtatagubilin at nagpapayuhan sa isa't isa sa pagtitiyaga (sa mga pagdurusa, kapinsalaan, at sakit na maaaring maranasan ng sinuman sa panahon ng kanyang pangangaral ng kanyang Pananampalataya tungo sa Kapakanan ni Allah).

إِلَّا ٱلَّذِينَ ءَامَنُوا۟ وَعَمِلُوا۟ ٱلصَّٰلِحَٰتِ وَتَوَاصَوْا۟ بِٱلْحَقِّ وَتَوَاصَوْا۟ بِٱلصَّبْرِ ﴿٣﴾

Surah 104

Surat Al-Humazah
(Ang Makakating Dila)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

وَيْلٌ لِّكُلِّ هُمَزَةٍ لُّمَزَةٍ ﴿١﴾

1. Kasawian (sa kaparusahan) ang bawat makakating dila na naninirang-puri at yumuyurak sa talikuran,

ٱلَّذِى جَمَعَ مَالًا وَعَدَّدَهُۥ ﴿٢﴾

2. Na nagtitipon ng mga kayamanan, at abalang-abala sa pagbibilang nito,

يَحْسَبُ أَنَّ مَالَهُۥٓ أَخْلَدَهُۥ ﴿٣﴾

3. Na nagpapalagay na ang kanyang kayamanan ay makapagpapahaba ng kanyang buhay nang walang hanggan!

كَلَّا لَيُنۢبَذَنَّ فِى ٱلْحُطَمَةِ ﴿٤﴾

4. Hindi (ito tulad ng kanyang pag-aakala)! Katotohanang siya ay ihahagis sa Dumudurog na Apoy.

وَمَآ أَدْرَىٰكَ مَا ٱلْحُطَمَةُ ﴿٥﴾

5. At paano mo mapag-aalaman kung ano ang Dumudurog na Apoy?

نَارُ ٱللَّهِ ٱلْمُوقَدَةُ ﴿٦﴾

6. Ito ang Apoy ni Allah na Naglalagablab ang Ningas,

ٱلَّتِى تَطَّلِعُ عَلَى ٱلْأَفْـِٔدَةِ ﴿٧﴾

7. Na ang init nito ay sasadlak sa puso.

إِنَّهَا عَلَيْهِم مُّؤْصَدَةٌ ﴿٨﴾

8. Katotohanang ito ang lulukob sa kanila,

فِى عَمَدٍ مُّمَدَّدَةٍۭ ﴿٩﴾

9. (Na sila ay nakatali) sa mga mahabang haligi ng Impiyerno.

Surah 105

Surat Al-Fil
(Ang Elepante)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

أَلَمْ تَرَ كَيْفَ فَعَلَ رَبُّكَ بِأَصْحَٰبِ ٱلْفِيلِ ﴿١﴾

1. Hindi mo ba nababatid (O Muhammad) kung paano pinakitunguhan ng iyong Panginoon ang may-ari ng Elepante? (Ang hukbo ng mga elepante na nanggaling sa Yemen sa pamumuno ni Abraha Al-Ashram na nagnanais na wasakin ang *Ka'ba* sa Makkah).

أَلَمْ يَجْعَلْ كَيْدَهُمْ فِى تَضْلِيلٍ ﴿٢﴾

2. Hindi baga Niya pinapangyaring mabigo ang kanilang (masamang) balak?

وَأَرْسَلَ عَلَيْهِمْ طَيْرًا أَبَابِيلَ ﴿٣﴾

3. At isinugo Niya laban sa kanila ang mga kawan ng ibon,

تَرْمِيهِم بِحِجَارَةٍ مِّن سِجِّيلٍ ﴿٤﴾

4. Na pumupukol sa kanila ng mga bato na yari sa matigas na putik (*Sijjil*).

فَجَعَلَهُمْ كَعَصْفٍ مَّأْكُولٍ ﴿٥﴾

5. At Kanyang ginawa sila na tila mga dayami na ginasak at kinain ng mga baka (alalaong baga, namatay silang lahat).



Surah 106

Surat Quraish
(Ang Quraish)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

لِإِيلَٰفِ قُرَيْشٍ ﴿١﴾

1. Isang malaking tulong at biyaya ni Allah (sa mga Quraish) ang pagiging bihasa (nila sa paglalakbay ng may pangangalakal),

إِۦلَٰفِهِمْ رِحْلَةَ ٱلشِّتَآءِ وَٱلصَّيْفِ ﴿٢﴾

2. At Aming hinayaan na makapagbiyahe ang mga sasakyan nila (ang Quraish) sa Taglamig (patungong Yemen), at sa Tag-init (patungong Syria, ng walang anumang pangangamba),

فَلْيَعْبُدُوا۟ رَبَّ هَٰذَا ٱلْبَيْتِ ﴿٣﴾

3. Kaya't marapat na sumamba sila (kay Allah), ang Tagapagtangkilik at Tagapangalagang Panginoon ng Tahanang ito (ang *Ka'ba* sa Makkah),

ٱلَّذِىٓ أَطْعَمَهُم مِّن جُوعٍ وَءَامَنَهُم مِّنْ خَوْفٍۢ ﴿٤﴾

4. Na nagkaloob sa kanila ng pagkain laban sa pagkagutom at katiwasayan (laban sa anumang panganib).



Surah 107

Surat Al-Ma'un
(Ang Maliit Na Kabutihan)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

أَرَءَيْتَ ٱلَّذِى يُكَذِّبُ بِٱلدِّينِ ﴿١﴾

1. Nababatid mo ba siya na nagtatatwa sa Araw ng Paghuhukom?

فَذَٰلِكَ ٱلَّذِى يَدُعُّ ٱلْيَتِيمَ ﴿٢﴾

2. Siya nga na may kagaspangan sa pag-uugali sa ulila,

وَلَا يَحُضُّ عَلَىٰ طَعَامِ ٱلْمِسْكِينِ ﴿٣﴾

3. At hindi nanghihikayat na magbigay ng biyaya upang pakainin ang naghihikahos,

فَوَيْلٌ لِّلْمُصَلِّينَ ﴿٤﴾

4. Kaya't kasawian sa mga *Munafik* (mapagkunwari) na nagsasagawa ng *Salah* (takdang panalangin),

ٱلَّذِينَ هُمْ عَن صَلَاتِهِمْ سَاهُونَ ﴿٥﴾

5. Na nagpapabaya ng kanilang *Salah* sa takdang oras,

ٱلَّذِينَ هُمْ يُرَآءُونَ ﴿٦﴾

6. Na nagsasagawa lamang ng *Salah* at mga kabutihan bilang pakitang-tao upang mamalas (ng mga tao),

وَيَمْنَعُونَ ٱلْمَاعُونَ ﴿٧﴾

7. At tumatangging magbigay ng kahit na katiting na tulong sa kapuwa niyang nangangailangan (alalaong baga, kahit na isang dakot na asin, asukal, isang baso ng tubig, atbp.).

Surah 108

Surat Al-Kauthar
Ang Ilog sa Paraiso

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

إِنَّآ أَعْطَيْنَٰكَ ٱلْكَوْثَرَ ﴿١﴾

1. Katotohanang Aming ipinagkaloob sa iyo (O Muhammad) ang *Al-Kauthar* (isang ilog sa Paraiso).

فَصَلِّ لِرَبِّكَ وَٱنْحَرْ ﴿٢﴾

2. Kaya't ikaw ay marapat na mag-alay ng *Salah* (takdang panalangin) sa iyong Panginoon at maghandog ng Sakripisyo (Pag-aalay).

إِنَّ شَانِئَكَ هُوَ ٱلْأَبْتَرُ ﴿٣﴾

3. Katotohanan, siya na namumuhi sa iyo (O Muhammad), ay pagkakaitan (ng bawat mabuting bagay sa mundong ito at sa Kabilang Buhay).

Surah 109

Surat Al-Kafirun

(Ang Mga Nagtatakwil Sa Pananampalataya)

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَٰنِ الرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

قُلْ يَا أَيُّهَا الْكَافِرُونَ ﴿١﴾

1. Ipagbadya (O Muhammad): "O kayong nagtatakwil sa Pananampalataya!" [alalaong baga, ang mga walang pananalig kay Allah, sa Kanyang Kaisahan, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Aklat, sa Kanyang mga Sugo, sa Araw ng Muling Pagkabuhay, sa *Al-Qadar*].

لَا أَعْبُدُ مَا تَعْبُدُونَ ﴿٢﴾

2. Ako ay hindi sumasamba sa inyong sinasamba,

وَلَا أَنْتُمْ عَابِدُونَ مَا أَعْبُدُ ﴿٣﴾

3. At hindi ninyo sasambahin ang aking sinasamba (Allah).

وَلَا أَنَا عَابِدٌ مَا عَبَدْتُمْ ﴿٤﴾

4. At ako ay hindi sasamba (magpakailanman) sa inyong sinasamba.

وَلَا أَنْتُمْ عَابِدُونَ مَا أَعْبُدُ ﴿٥﴾

5. At hindi ninyo sasambahin ang aking sinasamba.

لَكُمْ دِينُكُمْ وَلِيَ دِينِ ﴿٦﴾

6. Sa inyo ang inyong Relihiyon (pananampalataya) at sa akin ang aking Relihiyon (ang tunay na Daan ng Pananampalataya, alalaong baga, pagsamba kay Allah, ang nag-iisang tunay na Diyos).



Surah 110

Surat An-Nasr
(Ang Pagkalinga)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

إِذَا جَآءَ نَصْرُ ٱللَّهِ وَٱلْفَتْحُ ﴿١﴾

1. Kapag dumatal (sa iyo, O Muhammad) ang kalinga ni Allah at tagumpay (laban sa iyong kaaway, alalaong baga, inyong masasakop ang Makkah),

وَرَأَيْتَ ٱلنَّاسَ يَدْخُلُونَ فِى دِينِ ٱللَّهِ أَفْوَاجًا ﴿٢﴾

2. At iyong napagmamasdan ang mga Tao na nagsisipasok sa Relihiyon ni Allah (Islam) nang maramihan,

فَسَبِّحْ بِحَمْدِ رَبِّكَ وَٱسْتَغْفِرْهُ ۚ إِنَّهُۥ كَانَ تَوَّابًا ﴿٣﴾

3. Kaya't ipagbunyi mo ang mga Papuri sa iyong Panginoon at manalangin na igawad Niya ang Kanyang Kapatawaran. Katotohanan, Siya ang tumatanggap ng pagsisisi at nagpapatawad.

Surah 111

Surat Al-Masad
(Ang Himaymay Ng Palmera)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

تَبَّتْ يَدَآ أَبِى لَهَبٍ وَتَبَّ ﴿١﴾

1. Maglaho ang mga kamay ni Abu Lahab (ang tiyuhin ng Propeta), maglaho siya!

مَآ أَغْنَىٰ عَنْهُ مَالُهُۥ وَمَا كَسَبَ ﴿٢﴾

2. Ang kanyang kayamanan at kanyang mga anak ay walang magiging kapakinabangan sa kanya!

سَيَصْلَىٰ نَارًا ذَاتَ لَهَبٍ ﴿٣﴾

3. Tiyak na siya ay sisilaban sa Naglalagablab na Apoy!

وَٱمْرَأَتُهُۥ حَمَّالَةَ ٱلْحَطَبِ ﴿٤﴾

4. Gayundin ang kanyang asawa na nagdadala ng mga Panggatong (mga tinik ng Sadan na kanyang iniuumang sa landas ng Propeta, o ang kanyang paninirang-puri sa Propeta).

فِى جِيدِهَا حَبْلٌ مِّن مَّسَدٍ ﴿٥﴾

5. Sa kanyang leeg ay nakapulupot ang lubid ng *Masad* (mga himaymay ng palmera).

Surah 112

Surat Al-Ikhlas
(Ang Kadalisayan)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

قُلْ هُوَ ٱللَّهُ أَحَدٌ ﴿١﴾

1. Ipagbadya (O Muhammad): Siya si Allah, ang Nag-iisa.

ٱللَّهُ ٱلصَّمَدُ ﴿٢﴾

2. *Allah-us-Samad*! (Si Allah, ang Walang Hanggan, ang Sakdal at Ganap [ang may Sariling Kasapatan, ang lahat ng mga nilalang ay umaasa sa Kanyang pagtataguyod]).

لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ ﴿٣﴾

3. Hindi Siya nagkaanak at hindi rin Siya ipinanganak.

وَلَمْ يَكُن لَّهُۥ كُفُوًا أَحَدٌۢ ﴿٤﴾

4. At walang anuman ang sa Kanya ay maihahalintulad.

Surah 113

Surat Al-Falaq
(Ang Bukang Liwayway)

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلْفَلَقِ ﴿١﴾

1. Ipagbadya: Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng Bukang Liwayway,

مِن شَرِّ مَا خَلَقَ ﴿٢﴾

2. Laban sa kasamaan ng mga nilalang,

وَمِن شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ ﴿٣﴾

3. Laban sa kasamaan ng gabi (kadiliman) kung ito ay lumalaganap,

وَمِن شَرِّ ٱلنَّفَّٰثَٰتِ فِى ٱلْعُقَدِ ﴿٤﴾

4. At laban sa kasamaan ng mga nagsasagawa ng Karunungang Itim (mga panggagaway), kung sila ay umiihip sa mga buhol (o nakabuhol),

وَمِن شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ ﴿٥﴾

5. At laban sa kasamaan ng isang mainggitin habang siya ay naninibugho (sa pagkainggit).

Surah 114

Surat An-Naas
(Ang Sangkatauhan)

Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahabagin, ang Pinakamaawain

بِسْمِ ٱللَّهِ ٱلرَّحْمَٰنِ ٱلرَّحِيمِ

1. Ipagbadya: Ako ay nagpapakupkop sa Panginoon ng sangkatauhan,

قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ ٱلنَّاسِ ﴿١﴾

2. Ang Hari (o Tagapamahala) ng sangkatauhan,

مَلِكِ ٱلنَّاسِ ﴿٢﴾

3. Ang *Ilah* (Diyos) ng sangkatauhan,

إِلَٰهِ ٱلنَّاسِ ﴿٣﴾

4. Laban sa kasamaan ng isang bumubulong (ang demonyo na bumubulong sa puso ng mga tao), na kagyat na lumilisan sa kanyang pagbulong (kung ang binubulungan ay nakaala-ala kay Allah),

مِن شَرِّ ٱلْوَسْوَاسِ ٱلْخَنَّاسِ ﴿٤﴾

5. Na bumubulong sa puso (dibdib) ng mga tao (sangkatauhan),

ٱلَّذِى يُوَسْوِسُ فِى صُدُورِ ٱلنَّاسِ ﴿٥﴾

6. (Na) kabilang sa mga *Jinn*[60] at mga Tao.

مِنَ ٱلْجِنَّةِ وَٱلنَّاسِ ﴿٦﴾

[60] Mga nilikha ni Allah na katulad ng mga tao ay may kalayaan na sumunod o sumuway sa pag-uutos ni Allah, datapuwa't sila ay nakalingid sa atin.